# ANG AKLAT NI MORMON

# ANG DOKTRINA AT MGA TIPAN

# ANG MAHALAGANG PERLAS

ANG

# Aklat ni Mormon

ISA PANG TIPAN NI JESUCRISTO

ANG

# Doktrina at mga Tipan

NG

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO

NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

ANG

# Mahalagang Perlas

INILATHALA NG

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO

NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

SALT LAKE CITY, UTAH, USA 1998

© 1998 ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay inilaan

Printed in the United States of America 7/2011
19931997
Translation of the Book of Mormon, Doctrine and Covenants, and Pearl of Great Price
Tagalog

# MGA NILALAMAN

Ang Aklat ni Mormon

Ang Doktrina at mga Tipan

Ang Mahalagang Perlas

Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan

- Pambungad
- Alpabetikong Talaan ng mga Paksa
- Mga Pinili mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia
- Mga Mapa at Talatuntunan ng mga Pangalan ng Lugar
- Mga Larawan ng mga Pook sa mga Banal na Kasulatan

# MGA DAGLAT AT PANGALAN SA MGA TALABABA AT SA GABAY SA MGA BANAL NA KASULATAN

**Lumang Tipan**

| | |
|---|---|
| Gen. | Genesis |
| Ex. | Exodo |
| Lev. | Levitico |
| Blg. | Mga Bilang |
| Deut. | Deuteronomio |
| Jos. | Josue |
| Huk. | Mga Hukom |
| Ruth | Ruth |
| 1 Sam. | I Samuel |
| 2 Sam. | II Samuel |
| 1 Hari | I Mga Hari |
| 2 Hari | II Mga Hari |
| 1 Cron. | I Mga Cronica |
| 2 Cron. | II Mga Cronica |
| Ezra | Ezra |
| Neh. | Nehemias |
| Est. | Esther |
| Job | Job |
| Awit | Mga Awit |
| Kaw. | Mga Kawikaan |
| Ec. | Eclesiastes |
| A ni S | Awit ni Solomon |
| Is. | Isaias |
| Jer. | Jeremias |
| Panag. | Mga Panaghoy |
| Ez. | Ezekiel |
| Dan. | Daniel |
| Os. | Oseas |
| Joel | Joel |
| Amos | Amos |
| Obad. | Obadias |
| Jon. | Jonas |
| Mi. | Mikas |
| Nah. | Nahum |
| Hab. | Habacuc |
| Zef. | Zefanias |
| Hag. | Hagai |
| Zac. | Zacarias |
| Mal. | Malakias |

**Bagong Tipan**

| | |
|---|---|
| Mat. | Mateo |
| Mar. | Marcos |
| Lu. | Lucas |
| Juan | Juan |
| Gawa | Mga Gawa |
| Rom. | Mga Taga-Roma |
| 1 Cor. | I Mga Taga-Corinto |
| 2Cor. | II Mga Taga-Corinto |
| Gal. | Mga Taga-Galacia |
| Ef. | Mga Taga-Efeso |
| Fil. | Mga Taga-Filipos |
| Col. | Mga Taga-Colosas |
| 1 Tes. | I Mga Taga-Tesalonica |
| 2 Tes. | II Mga Taga-Tesalonica |
| 1 Tim. | I Kay Timoteo |
| 2 Tim. | II Kay Timoteo |
| Tit. | Kay Tito |
| Flm. | Kay Filemon |
| Heb. | Sa mga Hebreo |
| Sant. | Santiago |
| 1 Ped. | I Pedro |
| 2 Ped. | II Pedro |
| 1 Juan | I Juan |
| 2 Juan | II Juan |
| 3 Juan | III Juan |
| Jud. | Judas |
| Apoc. | Apocalipsis |

**Aklat ni Mormon**

| | |
|---|---|
| 1 Ne. | 1 Nephi |
| 2 Ne. | 2 Nephi |
| Jac. | Jacob |
| Enos | Enos |
| Jar. | Jarom |
| Omni | Omni |
| S ni M | Mga Salita ni Mormon |
| Mos. | Mosias |
| Alma | Alma |
| Hel. | Helaman |
| 3 Ne. | 3 Nephi |
| 4 Ne. | 4 Nephi |
| Morm. | Mormon |
| Eter | Eter |
| Moro. | Moroni |

**Doktrina at mga Tipan**

| | |
|---|---|
| D at T | Doktrina at mga Tipan |
| OP—1 | Opisyal na Pahayag—1 |
| OP—2 | Opisyal na Pahayag—2 |

**Mahalagang Perlas**

| | |
|---|---|
| Moi. | Moises |
| Abr. | Abraham |
| JS—M | Joseph Smith—Mateo |
| JS—K | Joseph Smith—Kasaysayan |
| S ng P | Ang mga Saligan ng Pananampa-lataya |
| PJS | Pagsasalin ni Joseph Smith |
| GBK | Gabay sa mga Banal na Kasulatan |

| | |
|---|---|
| HEB | Isang kahaliling pagsasalin mula sa Hebreo. |
| IE | Isang pagpapaliwanag ng mga kawikaan at mahihirap na pagpapakahulugan. |
| O | Nagpapahiwatig na may susunod na mga kahaliling salita upang bigyang-linaw ang kahulugan ng mga sinaunang pagpapahayag. |

# ANG AKLAT NI MORMON

ISA PANG

TIPAN

NI

JESUCRISTO

ANG

# Aklat ni Mormon

ULAT NA ISINULAT NG

KAMAY NI MORMON

SA MGA LAMINANG

HINANGO MULA SA MGA LAMINA NI NEPHI

Anupa't ito ay pinaikling talaan ng mga tao ni Nephi, at gayon din ng mga Lamanita—Isinulat para sa mga Lamanita, na mga labi ng sambahayan ni Israel; gayon din sa mga Judio at Gentil—Isinulat bilang kautusan, at sa pamamagitan din ng diwa ng propesiya at ng paghahayag—Isinulat at mahigpit na isinara, at ikinubli ayon sa Panginoon, upang ang mga yaon ay hindi masira—Upang lumabas sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos para sa pakahulugan nito—Mahigpit na isinara ng kamay ni Moroni, at ikinubli ayon sa Panginoon, upang lumabas sa takdang panahon sa pamamagitan ng mga Gentil—Ang pakahulugan nito sa pamamagitan ng kaloob ng Diyos.

Isang pinaikling ulat mula rin sa Aklat ni Eter, na talaan ng mga tao ni Jared, na ikinalat noong panahong lituhin ng Panginoon ang wika ng mga tao, nang sila ay nagtatayo ng isang tore upang makaabot sa langit—Upang ipakita sa mga labi ng sambahayan ni Israel kung anong mga dakilang bagay ang ginawa ng Panginoon para sa kanilang mga ama; at nang kanilang malaman ang mga tipan ng Panginoon, na sila ay hindi itatakwil nang habang panahon—At gayon din sa ikahihikayat ng mga Judio at Gentil na si Jesus ang Cristo, ang Diyos na Walang Hanggan, nagpapatunay ng kanyang sarili sa lahat ng bansa—At ngayon, kung may mga pagkakamali ang mga yaon ay kamalian ng mga tao; dahil dito, huwag ninyong hatulan ang mga bagay ng Diyos, nang kayo ay matagpuang walang bahid-dungis sa hukumang-luklukan ni Cristo.

Orihinal na pagsasalin mula sa mga lamina sa Ingles
ni Joseph Smith, Jun.

Inilathala ang unang Ingles na edisyon sa
Palmyra, New York, USA, noong 1830

# PAMBUNGAD

Ang Aklat ni Mormon ay isang pinagsama-samang banal na kasulatan na kahalintulad ng Biblia. Ito ay isang talaan ng mga pakikipag-ugnayan ng Diyos sa mga unang nanirahan sa Amerika at naglalaman ng kabuuan ng walang hanggang ebanghelyo.

Ang aklat ay isinulat ng maraming sinaunang propeta sa pamamagitan ng diwa ng propesiya at paghahayag. Ang kanilang mga salita na naisulat sa mga laminang ginto ay binanggit at pinaikli ng isang mananalaysay na propeta na nagngangalang Mormon. Ang talaan ay nagbibigay-ulat tungkol sa dalawang dakilang kabihasnan. Ang isa ay nagmula sa Jerusalem noong 600 B.C., na pagkatapos ay nahati sa dalawang bansa, na nakilala bilang mga Nephita at ang mga Lamanita. Ang isa pa ay dumating nang higit na maaga nang lituhin ng Panginoon ang mga wika sa Tore ni Babel. Ang pangkat na ito ay nakilala bilang mga Jaredita. Pagkalipas ng libu-libong taon, ang lahat ay nalipol maliban sa mga Lamanita, at kabilang sila sa mga pangunahing ninuno ng mga Amerikanong Indiyan.

Ang ministeryo ng Panginoong Jesucristo sa mga Nephita pagkatapos ng kanyang pagkabuhay na mag-uli ang pinakatampok na pangyayaring natala sa Aklat ni Mormon. Ito ay naghahayag ng mga doktrina ng ebanghelyo, nagbabanghay ng plano ng kaligtasan, at nagsasabi sa mga tao kung ano ang dapat nilang gawin upang matamo ang kapayapaan sa buhay na ito at ang walang hanggang kaligtasan sa buhay na darating.

Nang matapos ni Mormon ang kanyang mga isinulat ay ibinigay niya ang mga ulat sa kanyang anak na si Moroni, na nagdagdag ng kanyang sariling salita at itinago ang mga lamina sa burol ng Cumorah. Noong ika-21 ng Setyembre 1823, ang Moroni ring ito, na isa nang niluwalhati, at isa nang taong nabuhay na mag-uli, ay nagpakita sa Propetang si Joseph Smith at nagtagubilin sa kanya ng tungkol sa sinaunang talaan at ang nakatakdang pagsasalin nito sa wikang Ingles.

Sa takdang panahon, ang mga lamina ay ipinagkaloob kay Joseph Smith, na siyang nagsalin sa mga ito sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos. Ang talaan ngayon ay nalalathala sa maraming wika bilang isang bago at karagdagang saksi na si Jesucristo ang Anak ng Diyos na buhay, na ang lahat ng lalapit sa kanya at susunod sa mga batas at ordenansa ng kanyang ebanghelyo ay maaaring maligtas.

Hinggil sa talaang ito, ang Propetang si Joseph Smith ay nagsabi: "Sinabi ko sa mga kapatid na ang Aklat ni Mormon ang pinakatumpak sa anumang aklat sa mundo, at ang saligang bato ng ating relihiyon, at ang isang tao ay malalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin nito, nang higit kaysa sa pamamagitan ng alin mang aklat."

Bukod kay Joseph Smith, ang Panginoon ay nagtalaga pa ng labing-isa upang sila na rin sa kanilang sarili ay makita ang mga

laminang ginto at maging mga natatanging saksi sa katotohanan at kabanalan ng Aklat ni Mormon. Ang kanilang isinulat na mga patotoo ay isinama rito bilang "Ang Patotoo ng Tatlong Saksi" at "Ang Patotoo ng Walong Saksi."

Inaanyayahan namin ang lahat ng tao sa lahat ng dako na basahin ang Aklat ni Mormon, pagbulay-bulayin sa kanilang mga puso ang mensaheng nilalaman nito, at itanong sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, sa pangalan ni Cristo kung ang aklat ay totoo. Yaong mga magpapatuloy sa paraang ito at magtatanong nang may pananampalataya ay magtatamo ng patotoo ng katotohanan at kabanalan nito sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. (Tingnan sa Moroni 10:3–5.)

Yaong mga magtatamo ng banal na patotoong ito mula sa Banal na Espiritu ay malalaman din sa pamamagitan ng yaon ding kapangyarihan na si Jesucristo ang Tagapagligtas ng sanlibutan, na si Joseph Smith ang kanyang tagapaghayag at propeta nitong mga huling araw, at Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang kaharian ng Panginoon na muling itinatag sa mundo bilang paghahanda sa ikalawang pagparito ng Mesiyas.

# ANG PATOTOO NG TATLONG SAKSI

Ipinaaalam sa lahat ng bansa, lahi, wika, at tao, kung kanino makararating ang gawang ito: Na kami, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos Ama, at ng ating Panginoong Jesucristo ay nakita ang mga laminang naglalaman ng mga talang ito, na tala ng mga tao ni Nephi, at ganoon din ng sa mga Lamanita na kanilang mga kapatid, at gayon din ng sa mga tao ni Jared, na nanggaling sa toreng nabanggit. At nalalaman din namin na ang mga ito ay naisalin sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos, sapagkat ang kanyang tinig ang nagpahayag nito sa amin; kung kaya't nalalaman namin nang may katiyakan na ang gawa ay totoo. At nagpapatotoo rin kami na nakita namin ang mga nakaukit sa mga lamina; at ang mga ito ay ipinakita sa amin sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, at hindi ng sa tao. At aming ipinahahayag sa mahinahong salita, na isang anghel ng Diyos ang bumaba mula sa langit, at kanyang dinala at inilahad sa harap ng aming mga mata, na aming namasdan at nakita ang mga lamina, at ang mga nakaukit doon; at nalalaman namin na sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos Ama, at ng ating Panginoong Jesucristo, kung kaya't aming namasdan ito at nagpapatunay kami na ang mga bagay na ito ay totoo. At ito ay kamangha-mangha sa aming mga mata. Gayunpaman, ang tinig ng Panginoon ay nag-utos sa amin na kami ay magpatotoo nito; kung kaya't upang makasunod sa mga ipinag-uutos ng Diyos, ay pinatutunayan namin ang mga bagay na ito. At nalalaman namin na kung kami ay magiging matapat kay Cristo ay maaalis namin sa aming mga kasuotan ang dugo ng lahat ng tao, at kami'y matatagpuang walang bahid-dungis sa hukumang-luklukan ni Cristo, at maninirahang kasama niya magpakailanman sa kalangitan. At ang karangalan ay mapapasa-Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo, na iisang Diyos. Amen.

Oliver Cowdery
David Whitmer
Martin Harris

# ANG PATOTOO NG WALONG SAKSI

Ipinaaalam sa lahat ng bansa, lahi, wika, at tao, kung kanino makararating ang gawang ito: Na si Joseph Smith, Jun., ang tagapagsalin ng gawang ito, ay ipinakita sa amin ang mga laminang nabanggit, na may anyong ginto; na kasindami ng mga pahinang naisalin na ng nasabing si Smith ay siya ring nahawakan ng aming mga kamay; at amin ding nakita ang mga nakaukit doon, at ang lahat ng yaon ay may anyong gawang sinauna, at may kahanga-hangang pagkakayari. At ito'y aming pinatutunayan sa mahinahong salita, na ipinakita sa amin ng nasabing si Smith, sapagkat ito'y aming namalas at nahawakan, at may katiyakang nalalaman namin na ang nasabing si Smith ang may hawak ng mga laminang aming binanggit. At ibinibigay namin ang aming mga pangalan sa sanlibutan upang patunayan sa sanlibutan ang aming nakita. At hindi kami nagsisinungaling, Diyos ang nagpapatunay rito.

Christian Whitmer
Jacob Whitmer
Peter Whitmer, Jun.
John Whitmer
Hiram Page
Joseph Smith, Sen.
Hyrum Smith
Samuel H. Smith

# ANG PATOTOO NG PROPETANG SI JOSEPH SMITH

Ang sariling pangungusap ng Propetang si Joseph Smith tungkol sa paglabas ng Aklat ni Mormon ay:

"Noong gabi ng . . . ika-21 ng Setyembre [1823] . . . ipinasiya ko sa aking sarili na manalangin at magsumamo sa Pinakamakapangyarihang Diyos. . . .

"Habang ako ay nasa ganoong ayos ng pagtawag sa Diyos, natuklasan kong may liwanag na lumitaw sa aking silid, na patuloy na nag-iibayo hanggang sa ang silid ay magliwanag nang higit pa kaysa katanghaliang tapat, nang ang isang katauhan ay biglang lumitaw sa tabi ng aking higaan, nakatayo sa hangin, dahil ang kanyang mga paa ay hindi sumasayad sa sahig.

"Siya ay nakasuot ng isang maluwag na bata na matingkad ang kaputian. Iyon ay kaputiang higit kaysa anumang bagay sa lupa na nakita ko na; anupa't ako'y hindi naniniwala na mayroon pang bagay sa lupa na maaaring lumitaw na higit pa sa roon ang kaputian at ningning. Ang kanyang mga kamay ay nakalantad, at gayon din ang kanyang mga braso na mataas nang kaunti sa pulso; at gayon din, ang kanyang mga paa ay walang mga sapin, maging ang kanyang mga binti, na mataas nang kaunti sa bukung-bukong. Ang kanyang ulo at leeg ay nakalantad din. At napagwari kong wala siyang ibang kasuotan maliban sa bata, sapagkat ito ay bukas, kaya't nakikita ko ang kanyang dibdib.

"Hindi lamang ang kanyang bata ang may matingkad na kaputian, ang kanyang katauhan ay may kaluwalhatiang di kayang mailarawan, at ang kanyang kaanyuan ay tunay na parang kidlat. Ang silid ay lubhang maliwanag, subalit hindi kasingningning ng nakapaligid sa kanyang katauhan. Nang una ko siyang tingnan, ako ay natakot; subalit ang takot ay kaagad ding nawala sa akin.

"Ako'y tinawag niya sa aking pangalan, at sinabi sa akin na siya'y isang sugo na nagbuhat sa kinaroroonan ng Diyos na pinapunta sa akin; na ang kanyang pangalan ay Moroni; na ang Diyos ay may gawaing ipagagawa sa akin; at ang aking pangalan ay makikilala sa kabutihan at kasamaan sa lahat ng bansa, lahi, at wika, o magiging mabuti at masama sa usap-usapan ng lahat ng tao.

"Sinabi niya na may nakalagak na isang aklat na nakasulat sa mga laminang ginto, na nagbibigay-ulat tungkol sa mga dating naninirahan sa lupalop na ito, at kung saan sila nagbuhat. At kanya ring sinabi na ang kabuuan ng walang hanggang Ebanghelyo ay napapaloob dito, gaya ng ibinigay na ng Tagapagligtas sa mga sinaunang tao;

"Gayundin, may dalawang bato sa mga balantok na pilak—at ang mga batong ito, na nakakabit sa isang baluti sa dibdib ay siyang bumubuo ng tinatawag na Urim at Tummim—na nakalagak na kasama ng mga lamina; at ang pagmamay-ari at paggamit ng mga batong ito ay siyang kabuuan ng mga *Tagakita* noong sinauna o nakaraang panahon; at ang mga yaon ay inihanda ng Diyos sa layuning maisalin ang aklat.

* * * * * * *

"Muli, sinabi niya sa akin, na kapag nakuha ko na ang mga lamina na kanyang binanggit—sapagkat ang panahon ng pagkuha nito ay hindi pa sumasapit—ay hindi nararapat na ang mga yaon ay ipakita ko kahit kanino mang tao; maging ang baluti sa dibdib na kasama ng Urim at Tummim; doon lamang sa kanila na ipag-uutos sa akin na pagpapakitaan ko ng mga yaon; at kung ipakikita ko roon sa mga hindi dapat makakita ako ay mapaririwara. At habang nakikipag-usap siya sa akin tungkol sa mga lamina, ang pangitain ay nabuksan sa aking isipan at nakita ko ang pook na kinalalagakan ng mga lamina, at iyon ay naging napakalinaw at namumukod-tangi kaya't natukoy kong muli ang pook nang dalawin ko ito.

"Pagkatapos ng pag-uusap na ito, ang liwanag sa silid ay nakita kong kaagad na nagsimulang matipon sa paligid ng taong nakipag-usap sa akin, at ito ay nagpatuloy hanggang sa ang silid ay muling magdilim, maliban sa paligid niya; nang biglang makita ko, na waring isang lagusan ang nabuksan paakyat sa langit, at siya ay pumaitaas hanggang sa tuluyang maglaho, at ang silid ay naiwang kagaya nang una noong hindi pa lumilitaw ang makalangit na liwanag.

"Sa aking pagkakahiga, ako ay nagnilay-nilay sa natatanging tagpo, at lubhang namangha sa mga sinabi sa akin nitong di pangkaraniwang sugo; nang sa gitna ng aking pagbubulay-bulay, bigla kong natuklasan na ang aking silid ay nagsisimula na namang lumiwanag, at sa isang iglap, kagaya noon, ang makalangit na sugo ring yaon ay nasa tabi na naman ng aking higaan.

"Nagsimula siya, at isinalaysay niyang muli ang yaon ding mga bagay na ginawa na niya noong una niyang pagdalaw, na walang anumang pagkakaiba; at pagkatapos noon, ay ipinaalam niya sa akin ang dakilang paghuhukom na darating sa lupa, na may malaking kalagiman sa pamamagitan ng taggutom, espada, at salot; at ang kalunus-lunos na paghuhukom na ito ay darating sa lupa sa kasalukuyang salinlahi. Matapos maisalaysay ang mga bagay na ito, muli siyang pumaitaas kagaya nang ginawa niya noong una.

"Sa mga sandaling iyon, sapagkat malalim ang pagkakakintal noon sa aking isipan, kung kaya't ang antok ay napalis sa aking mga mata, at ako'y tuluyang nagupo ng pagkamangha sa aking mga nakita at narinig. Subalit ganoon na lamang ang aking pagkabigla nang muli kong makita ang sugo ring yaon sa tabi ng aking higaan, at marinig na muli niyang inuusal at sinasabi sa akin ang mga binanggit niya noong una; at nagdagdag ng babala sa akin, at sinabi sa akin na susubukin akong tuksuhin ni Satanas (sa kadahilanang ang mag-anak ng aking ama ay maralita), na kunin ang mga lamina upang magpayaman. Dito ay pinagbawalan niya ako, at sinabi na wala akong dapat na maging layunin sa pagkuha ng mga lamina maliban sa ikaluluwalhati ng Diyos, at maudyukan ng ano pa mang layunin maliban sa pagtatayo ng Kanyang kaharian; kung hindi ay di ko makukuha ang mga yaon.

"Matapos ang pangatlong pagdalaw na ito, ay muli siyang pumaitaas sa langit tulad ng dati, at ako ay naiwan na namang nagbubulay-bulay sa mga di pangkaraniwang pangyayaring kararanas ko lamang; nang

halos kaagad-agad pagkatapos pumaitaas ang makalangit na sugo sa ikatlong ulit, ay tumilaok ang tandang, at napag-alaman kong mag-uumaga na, kung kaya't ang aming pag-uusap ay maaaring inabot ng magdamag.

"Di naglaon ay bumangon ako sa aking higaan, at tulad ng dati, ay nagtungo sa mga gawaing kinakailangan sa araw na iyon, subalit sa pagtatangka kong gumawa gaya ng mga ibang pagkakataon, ay napansin kong ang aking lakas ay naglaho kaya ako'y lubusang nawalan ng kakayahan. Ang aking ama na noon ay gumagawang kasama ko ay napunang may bumabagabag sa akin, at pinagsabihan ako na umuwi na. Tumalima ako na may layuning umuwi ng bahay; subalit sa aking pagtatangkang tumawid ng bakod palabas sa bukid na kinaroroonan namin ay tuluyang nawala ang aking lakas, at ako ay bumagsak sa lupa na nanghihina, at ilang sandali ring nawalan ng kamalayan sa anumang bagay.

"Ang tinig na nagsasalita sa akin, na tinatawag ako sa aking pangalan ang unang bagay na naalaala ko. Tumingala ako, at nakita ko ang sugo ring yaon, na nakatayo sa aking ulunan, at napalilibutan ng liwanag tulad noong una. Muli niyang isinalaysay sa akin ang mga isinalaysay na niya noong nakaraang gabi, at inutusan ako na pumunta sa aking ama at sabihin ang pangitain at mga kautusang natanggap ko.

"Sumunod ako; ako'y nagbalik sa aking ama sa bukid, at inilahad ko sa kanya ang buong pangyayari. Tumugon siya sa akin na yaon ay sa Diyos, at sinabihan ako na humayo at sundin ang iniuutos ng sugo. Nilisan ko ang bukid, at ako'y nagtungo sa pook na sinabi sa akin ng sugo na pinaglalagakan ng mga lamina; at dahil sa pamumukod-tangi ng pangitain ko tungkol sa bagay na ito, ay natukoy ko kaagad ang pook pagdating ko roon.

"Malapit sa nayon ng Manchester, Ontario, New York, ay isang burol na may kalakihan, at siyang pinakamataas sa buong kapaligiran. Sa dakong kanluran ng burol na ito, di kalayuan sa tuktok, sa ilalim ng isang batong may kalakihan ay nakalatag ang mga laminang nakalagak sa isang kahong bato. Ang batong ito ay makapal at pabilog sa may bandang gitnang itaas, at papanipis tungo sa mga gilid, kung kaya't ang gitnang bahagi nito ay nakikita sa ibabaw ng lupa, subalit ang gilid sa palibot ay natatabunan ng lupa.

"Matapos kong maalis ang lupa, ay kumuha ako ng panikwas, na aking iniayos sa ilalim ng gilid ng bato, at sa kaunting pag-iinot ay naiangat. Tiningnan ko ang loob at nakita ko, naroroon nga ang mga lamina, ang Urim at Tummim, at ang baluti sa dibdib kagaya ng sinabi ng sugo. Ang kahong kinalalagyan ng mga iyon ay niyari sa pamamagitan ng paglalatag ng mga bato at pagdirikit sa mga ito ng mga sangkap na may uring semento. Sa ilalim ng kahon ay nakalatag ang dalawang bato nang pahalang sa kahon, at sa mga batong ito nakapatong ang mga lamina at ang iba pang mga bagay na kasama nito.

"Tinangka kong ilabas ang mga yaon, ngunit ako'y pinagbawalan ng sugo, at muling pinagsabihan na ang panahon ng paglalabas nito ay hindi pa dumarating, at hindi pa darating, hanggang sa makalipas ang

apat na taon magmula sa panahong yaon; subalit pinagsabihan niya ako na kinakailangang pumunta ako sa pook na yaon sa ganap na isang taon mula sa panahong iyon, at doon ay makikipagtagpo siya sa akin, at ako ay kinakailangang magpatuloy na gawin ang gayon hanggang sa sumapit ang panahon na maaari nang kunin ang mga lamina.

"Kagaya ng ipinag-uutos sa akin, ako ay pumupunta tuwing katapusan ng bawat taon, at sa tuwina ay natatagpuan ko roon ang sugo ring iyon, at tumatanggap ako ng tagubilin at kaalaman tuwing kami'y mag-uusap, tungkol sa kung ano ang gagawin ng Panginoon, at kung paano at sa anong paraan ang Kanyang kaharian ay pangangasiwaan sa mga huling araw.

* * * * * * *

"Sa tinagal-tagal ay dumating ang panahon upang makuha ang mga lamina, ang Urim at Tummim, at ang baluti sa dibdib. Noong ikadalawampu't dalawa ng Setyembre, isanlibo walong daan at dalawampu't pito, matapos akong magtungo gaya ng nakaugalian sa katapusan ng isa pang taon sa pook na kinalalagakan ng mga yaon, ay ibinigay sa akin ang mga iyon ng nasabi ring makalangit na sugo, at nagtagubilin nang ganito: Na ako ang may pananagutan sa mga yaon; na kung ang mga ito'y mawawala dahil sa kawalang-ingat, o dahil sa aking kapabayaan, ako ay iwawaksi; subalit kung aking gagawin ang lahat ng pagsisikap upang ang mga ito ay maingatan, hanggang kunin niya, ang sugo, ang mga ito, ito ay pangangalagaan.

"Agad kong napag-alaman ang dahilan kung bakit tumanggap ako ng ganoong kahigpit na mga tagubilin na ingatang ligtas ang mga yaon, at kung bakit sinabi ng sugo na kung matupad ko ang mga nararapat kong gawin na iniatang sa aking mga kamay, ay kukunin niya ang mga yaon. Sapagkat hindi pa gaanong nagtatagal na nabunyag na ang mga yaon ay nasa sa akin, ay isang walang tigil na pamimilit ang ginamit upang ang mga yaon ay maagaw sa akin. Lahat ng pakana na maaaring gawin ay ginamit sa ganoong layunin. Ang paguusig ay higit na naging mapait at matindi kaysa noong una, at ang mga tao ay laging nakahanda upang makuha sa akin kung maaari ang mga yaon. Subalit sa karunungan ng Diyos, yaon ay nanatiling ligtas sa aking mga kamay, hanggang sa matapos ko ang mga kinakailangan na iniatang sa aking mga kamay. Alinsunod sa napagkasunduan, nang hingin ng sugo ang mga iyon ay ibinigay ko yaon sa kanya; at ang mga yaon ay nasa kanyang pag-iingat magpahanggang sa araw na ito, na ikalawang araw ng Mayo, isanlibo walong daan at tatlumpu't walo."

Para sa kabuuang tala, tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan, sa Mahalagang Perlas, at *History of the Church of Jesus Christ of Latter-day Saints,* tomo 1, kabanata 1 hanggang 6.

Ang sinaunang kasulatan na kinuha mula sa lupa, bilang tinig ng tao na nagsasalita mula sa alabok, at naisalin sa makabagong wika sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos, gaya ng pinagtibay ng Maykapal na patotoo, ay unang nalathala sa daigdig sa wikang Ingles noong taong 1830 bilang THE BOOK OF MORMON.

MAIKLING PALIWANAG TUNGKOL SA

# Ang Aklat ni Mormon

Ang Aklat ni Mormon ay isang banal na talaan ng mga tao sa sinaunang Amerika, at nakaukit sa mga pirasong metal. Apat na uri ng laminang metal ang binabanggit sa aklat na ito:

1. *Ang mga Lamina ni Nephi,* na may dalawang uri: ang Maliliit na Lamina at ang Malalaking Lamina. Ang una ay halos tungkol sa mga espirituwal na bagay at sa ministeryo at mga turo ng mga propeta, samantalang ang huli, karamihan ay kasaysayan ng kapanahunan ng mga taong kinauukulan (1 Nephi 9:2–4). Magmula sa panahon ni Mosias, gayon man, ang malalaking lamina ay naglalaman na rin ng mahahalagang bagay na espirituwal.
2. *Ang mga Lamina ni Mormon,* na naglalaman ng mga pinaikling ulat ni Mormon buhat sa Malalaking Lamina ni Nephi, kalakip ang maraming paliwanag. Ang mga laminang ito ay naglalaman din ng karugtong ng kasaysayan na iniulat ni Mormon at ang mga dagdag ng kanyang anak na si Moroni.
3. *Ang mga Lamina ni Eter,* na naglalahad ng kasaysayan ng mga Jaredita. Ang talaang ito ay pinaikli ni Moroni, na naglagay ng kanyang paliwanag at inilakip ang talaan sa pangkalahatang kasaysayan sa ilalim ng pamagat na "Aklat ni Eter."
4. *Ang mga Laminang Tanso* na dinala ng mga tao ni Lehi mula sa Jerusalem noong 600 B.C. Ang mga ito ay naglalaman ng "limang aklat ni Moises, . . . At gayon din ang talaan ng mga Judio mula sa simula, . . . hanggang sa pagsisimula ng paghahari ni Zedekias, hari ng Juda; At gayon din ang mga propesiya ng mga banal na propeta" (1 Nephi 5:11–13). Maraming sipi mula sa mga laminang ito na binabanggit si Isaias at iba pang mga propeta sa Biblia at mga propetang wala sa Biblia, ang lumitaw sa Aklat ni Mormon.

Ang Aklat ni Mormon ay binubuo ng labinlimang pangunahing bahagi o pagkakahati, na kilala, maliban sa isa, bilang mga aklat, na ang bawat isa ay tinatawag sa pangalan ng pangunahing may-akda. Ang unang bahagi (ang unang anim na aklat, na nagtatapos kay Omni) ay isang pagsasalin mula sa Maliliit na Lamina ni Nephi. Sa pagitan ng mga aklat nina Omni at Mosias ay may isiningit na tinatawag na Ang mga Salita ni Mormon. Ang isiningit na ito ay naguugnay sa talaang nakaukit sa Maliliit na Lamina na kasama ang pinaikling talaan ni Mormon buhat sa Malalaking Lamina.

Ang pinakamahabang bahagi, mula sa Mosias hanggang sa Mormon, kabanata 7, na kasama rito, ay isang pagsasalin ng pinaikling talaan ni Mormon buhat sa Malalaking Lamina ni Nephi. Ang pangkatapusang bahagi, mula sa Mormon, kabanata 8, hanggang sa katapusan ng aklat, ay iniukit ng anak ni Mormon na si Moroni, na siya, makaraang tapusin ang talaan ng buhay ng kanyang ama, ay gumawa ng isang pinaikling talaan ng Jaredita (bilang Aklat ni Eter) at pagkata-

pos ay idinagdag ang mga bahaging nakilala bilang ang Aklat ni Moroni.

Humigit-kumulang noong mga taong A.D. 421, si Moroni, ang huli sa mga mananalaysay na propetang Nephita ay mahigpit na isinara ang banal na talaan at ikinubli ito ayon sa Panginoon, upang ilabas sa mga huling araw, gaya ng ibinadya ng tinig ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang mga sinaunang propeta. Noong A.D. 1823, ang Moroni ring ito, na isa nang taong nabuhay na mag-uli, ay dumalaw sa Propetang si Joseph Smith at sa dakong huli ay nagbigay ng inukitang mga lamina sa kanya.

ANG MGA PANGALAN AT PAGKAKAAYOS
NG MGA AKLAT SA

# Ang Aklat ni Mormon

*Pangalan* *Pahina*

Unang Aklat ni Nephi . . . . . . . . . . . . . . . . 1
Ikalawang Aklat ni Nephi . . . . . . . . . . . . . . 75
Aklat ni Jacob . . . . . . . . . . . . . . . . . 167
Aklat ni Enos . . . . . . . . . . . . . . . . . 193
Aklat ni Jarom . . . . . . . . . . . . . . . . . 197
Aklat ni Omni . . . . . . . . . . . . . . . . . 199
Ang mga Salita ni Mormon . . . . . . . . . . . . . 203
Aklat ni Mosias . . . . . . . . . . . . . . . . . 206
Aklat ni Alma . . . . . . . . . . . . . . . . . 297
Aklat ni Helaman . . . . . . . . . . . . . . . . 538
Ikatlong Nephi . . . . . . . . . . . . . . . . . 595
Ikaapat na Nephi . . . . . . . . . . . . . . . . 678
Aklat ni Mormon . . . . . . . . . . . . . . . . 683
Aklat ni Eter . . . . . . . . . . . . . . . . . 711
Aklat ni Moroni . . . . . . . . . . . . . . . . . 756

# Ang Unang Aklat ni Nephi

ANG KANYANG PANUNUNGKULAN AT MINISTERYO

Ang ulat ni Lehi at ng kanyang asawang si Saria, at ng kanyang apat na anak na lalaki, na tinatawag sa mga pangalang (mula sa panganay) Laman, Lemuel, Sam, at Nephi. Ang Panginoon ay nagbabala kay Lehi na lisanin ang lupain ng Jerusalem, sapagkat nagpropesiya siya sa mga tao hinggil sa kanilang kasamaan at hinangad nilang kitlin ang kanyang buhay. Tatlong araw siyang naglakbay sa ilang kasama ang kanyang mag-anak. Isinama ni Nephi ang kanyang mga kapatid at bumalik sa lupain ng Jerusalem upang kunin ang talaan ng mga Judio. Ang ulat ng kanilang mga pagdurusa. Ipinagsama nila ang mga anak na babae ni Ismael upang maging mga asawa. Isinama nila ang kanilang mga mag-anak patungo sa ilang. Ang kanilang mga pagdurusa at paghihirap sa ilang. Ang landas ng kanilang mga paglalakbay. Dumating sila sa malawak na tubig. Ang mga kapatid ni Nephi ay naghimagsik laban sa kanya. Sila ay kanyang nilito, at gumawa ng isang sasakyang-dagat. Tinawag nila ang pangalan ng pook na Masagana. Sila ay tumawid sa malawak na tubig patungo sa lupang pangako, at sa dako pa roon. Ito ay ayon sa ulat ni Nephi; o sa ibang salita, ako, si Nephi, ang sumulat ng talaang ito.

## KABANATA 1

*Sinimulan ni Nephi ang talaan ng kanyang mga tao—Nakita ni Lehi sa pangitain ang isang haliging apoy at bumasa mula sa isang aklat ng propesiya—Pinuri niya ang Diyos, ibinadya ang pagparito ng Mesiyas, at nagpropesiya tungkol sa pagkawasak ng Jerusalem—Siya ay inusig ng mga Judio. Mga 600 B.C.*

AKO, si [a]Nephi, na isinilang sa [b]butihing mga [c]magulang samakatwid, ako ay [d]naturuan ng lahat halos ng karunungan ng aking ama; at sa dahilang nakita ko ang maraming [e]paghihirap sa paglipas ng aking mga araw, gayunman, sa labis na pagpapala ng Panginoon sa lahat ng aking mga araw; oo, sa pagkakaroon ng malaking kaalaman tungkol sa kabutihan at sa mga [f]hiwaga ng Diyos, kaya nga gumawa ako ng isang [g]talaan ng aking mga gawain noong aking mga araw.
2 Oo, ako ay gumawa ng isang [a]talaan sa wika ng aking ama, na binubuo ng karunungan ng mga

[1 NEPHI]
1 1*a* GBK Nephi, Anak ni Lehi.
*b* Kaw. 22:1.
*c* D at T 68:25, 28. GBK Magulang, Mga.
*d* Enos 1:1; Mos. 1:2–3. GBK Turuan, Guro.
*e* GBK Pagdurusa.
*f* GBK Hiwaga ng Diyos, Mga.
*g* GBK Banal na Kasulatan, Mga.
2*a* Mos. 1:2–4; Morm. 9:32–33.

Judio at ng wika ng mga taga-
Egipto.
3 At nalalaman ko na ang tala-
ang ginagawa ko ay [a]totoo; at
ginagawa ko ito sa pamamagi-
tan ng sarili kong kamay; at gi-
nagawa ko ito ayon sa aking
kaalaman.
4 Sapagkat ito ay nangyari na,
na sa pagsisimula ng [a]unang
taon ng paghahari ni [b]Zedekias,
hari ng Juda, (ang aking ama, si
Lehi, na nanirahan sa [c]Jerusalem
sa lahat ng kanyang mga araw);
at sa taon ding iyon ay nagka-
roon ng maraming [d]propeta,
nagpopropesiya sa mga tao na
kinakailangan silang magsi-
pagsisi, o ang dakilang lunsod
ng [e]Jerusalem ay tiyak na ma-
wawasak.
5 Dahil dito, ito ay nangyari na,
na ang aking ama, si [a]Lehi, ha-
bang siya ay lumalakad ay na-
nalangin sa Panginoon, oo, ma-
ging nang buo niyang [b]puso, sa
kapakanan ng kanyang mga tao.
6 At ito ay nangyari na, na ha-
bang siya ay nananalangin sa
Panginoon, may lumitaw na
isang [a]haliging apoy at luma-
pag sa ibabaw ng isang mala-
king bato sa harapan niya; at
marami siyang nakita at nari-
nig; at dahil sa mga bagay na
kanyang nakita at narinig siya
ay nangatal at nanginig nang
labis.
7 At ito ay nangyari na, na siya
ay bumalik sa kanyang sariling
tahanan sa Jerusalem; at inihim-
lay niya ang sarili sa kanyang
higaan, na [a]napangingibabawan
ng Espiritu at ng mga bagay na
kanyang nasaksihan.
8 At nasa gayong napangingi-
babawan ng Espiritu, siya ay na-
tangay sa isang [a]pangitain, ma-
ging ang [b]kalangitan ay nakita
niyang nabuksan, at kanyang
inakalang nakita niya ang Diyos
na nakaupo sa kanyang trono,
napaliligiran ng di mabilang
na lipumpon ng mga anghel na
nasa ayos ng pag-awit at pag-
pupuri sa kanilang Diyos.
9 At ito ay nangyari na, na kan-
yang nakita ang Isa na bumaba-
ba mula sa gitna ng langit, at na-
masdan niya na ang kanyang
[a]liwanag ay higit pa kaysa sa
araw sa katanghaliang tapat.
10 At kanya ring nakita ang
[a]labindalawang iba pa na sumu-
sunod sa kanya, at ang kanilang
liwanag ay mahigit pa kaysa sa
mga bituin sa kalangitan.
11 At sila ay bumaba at huma-
yo sa balat ng lupa; at ang una
ay lumapit at tumayo sa hara-

3*a* 1 Ne. 14:30; Mos. 1:6; Eter 5:1–3; D at T 17:6.
4*a* GBK Cronolohiya—598 B.C.
*b* 2 Cron. 36:10; Jer. 52:3–5; Omni 1:15.
*c* 1 Cron. 9:3.
*d* 2 Hari 17:13–15; 2 Cron. 36:15–16; Jer. 7:25–26. GBK Propeta.
*e* Jer. 26:18; 2 Ne. 1:4; Hel. 8:20.
5*a* GBK Lehi, Ama ni Nephi.
*b* Sant. 5:16.
6*a* Ex. 13:21; Hel. 5:24, 43; D at T 29:12; JS—K 1:16.
7*a* Dan. 10:8; 1 Ne. 17:47; Moi. 1:9–10; JS—K 1:20.
8*a* 1 Ne. 5:4. GBK Pangitain.
*b* Ez. 1:1; Gawa 7:55–56; 1 Ne. 11:14; Hel. 5:45–49; D at T 137:1.
9*a* JS—K 1:16–17.
10*a* GBK Apostol.

pan ng aking ama, at ibinigay
sa kanya ang isang [a]aklat, at siya
ay inatasan na dapat niyang
basahin.
12 At ito ay nangyari na, na
habang siya ay nagbabasa, siya
ay napuspos ng [a]Espiritu ng Pa-
nginoon.
13 At nabasa niya, sinasabing:
Sa aba, sa aba, sa Jerusalem, sa-
pagkat nakita ko ang iyong mga
[a]karumal-dumal na gawain! Oo,
at maraming bagay ang nabasa
ng aking ama hinggil sa [b]Jeru-
salem—na ito ay wawasakin, at
ang mga naninirahan doon; ma-
rami ang masasawi sa pamama-
gitan ng espada, at marami ang
[c]madadalang bihag sa Babilonia.
14 At ito ay nangyari na, nang
mabasa ng aking ama at ma-
saksihan ang maraming dakila
at kagila-gilalas na bagay, siya
ay napabulalas ng maraming ba-
gay sa Panginoon; gaya ng: Da-
kila at kagila-gilalas ang iyong
mga gawa, O Panginoong Diyos
na Pinakamakapangyarihan!
Ang iyong trono ay mataas sa
kalangitan, at ang iyong ka-
pangyarihan, at kabutihan, at
awa ay sumasalahat ng mga na-
ninirahan sa mundo; at, sapag-
kat ikaw ay maawain, hindi mo
ipahihintulot na yaong mga [a]lu-
malapit sa iyo ay mangasawi!
15 At ganito ang pamamaraan
ng pananalita ng aking ama sa
pagpupuri sa kanyang Diyos;
sapagkat ang kanyang kalulu-
wa ay nagalak, at ang kanyang
puso ay napuspos, dahil sa mga
bagay na kanyang nakita, oo,
dahil sa ipinakita ng Pangino-
on sa kanya.
16 At ngayon ako, si Nephi, ay
hindi gumawa ng buong ulat ng
mga bagay na naisulat ng aking
ama, sapagkat marami siyang
bagay na naisulat na kanyang
nakita sa mga pangitain at sa
mga panaginip; at marami rin
siyang naisulat na mga bagay
na kanyang [a]iprinopesiya at si-
nabi sa kanyang mga anak, na
kung alin ay hindi ko gagawan
ng buong ulat.
17 Subalit ako ay gagawa ng
ulat ng aking mga ginawa sa
aking mga araw. Masdan, ako
ay gumawa ng isang [a]pinaikling
[b]talaan ng aking ama, sa mga
laminang aking ginawa sa pa-
mamagitan ng sarili kong mga
kamay; samakatwid, matapos
kong mapaikli ang talaan ng
aking ama ay gagawin ko na-
man ang isang ulat ng sarili
kong buhay.
18 Sa gayon, nais kong mala-
man ninyo, na matapos ipakita
ng Panginoon ang napakara-
ming kagila-gilalas na bagay sa
aking ama, si Lehi, oo, hinggil
sa [a]pagkawasak ng Jerusalem,
masdan, siya ay humayo sa mga

11*a* Ez. 2:9.
12*a* D at T 6:15.
13*a* 2 Hari 24:18–20; 2 Cron. 36:14.
*b* 2 Hari 23:27; 24:2; Jer. 13:13–14; 2 Ne. 1:4.
*c* 2 Hari 20:17–18; 2 Ne. 25:10; Omni 1:15.
14*a* Alma 5:33–36; 3 Ne. 9:14.
16*a* 1 Ne. 7:1.
17*a* 1 Ne. 9:2–5.
*b* 1 Ne. 6:1–3; 19:1–6; 2 Ne. 5:29–33; D at T 10:38–46.
18*a* 2 Ne. 25:9–10; D at T 5:20.

tao, at nagsimulang [b]magprope-
siya at magpahayag sa kanila
hinggil sa mga bagay na kapwa
niya nakita at narinig.
19 At ito ay nangyari na, na
[a]kinutya siya ng mga Judio da-
hil sa mga bagay na kanyang
pinatotohanan sa kanila; sapag-
kat tunay na kanyang pinato-
tohanan ang kanilang mga ka-
samaan at kanilang mga ka-
rumal-dumal na gawain; at pi-
natotohanan niya na ang mga
bagay na kanyang nakita at
narinig, at gayon din ang mga
bagay na kanyang nabasa sa
aklat, ay maliwanag na ipinaa-
alam ang tungkol sa pagparito
ng [b]Mesiyas, at gayon din ang
pagtubos sa sanlibutan.
20 At nang marinig ng mga
Judio ang mga bagay na ito sila
ay nagalit sa kanya; oo, maging
tulad sa mga propeta noong
unang panahon, na kanilang
[a]ipinagtabuyan, at binato, at
pinatay; at kanila ring hinangad
ang kanyang buhay, upang ito
ay kanilang kitlin. Datapwat
masdan, ako, si Nephi, ay mag-
papatunay sa inyo na ang ma-
giliw na [b]awa ng Panginoon ay
sumasalahat ng kanyang mga
pinili, dahil sa kanilang pana-
nampalataya, upang gawin si-
lang malakas maging sa pagka-
karoon ng kapangyarihang ma-
ligtas.

## KABANATA 2

*Dinala ni Lehi ang kanyang mag-anak patungo sa ilang na malapit sa Dagat na Pula—Iniwan nila ang kanilang ari-arian—Si Lehi ay nag-alay ng isang hain sa Panginoon at tinuruan ang kanyang mga anak na sumunod sa mga kautusan—Sina Laman at Lemuel ay bumulung-bulong laban sa kanilang ama—Si Nephi ay naging masunurin at nanalangin nang may pananampalataya; ang Panginoon ay nakipag-usap sa kanya, at siya ay piniling mamahala sa kanyang mga kapatid. Mga 600 B.C.*

SAPAGKAT masdan, ito ay nang-
yari na, na ang Panginoon ay
nangusap sa aking ama, oo,
maging sa isang panaginip, at
sinabi sa kanya: Pinagpala ka
Lehi, dahil sa mga bagay na
iyong ginawa; at sapagkat ikaw
ay naging matapat at ipinaha-
yag sa mga taong ito ang mga
bagay na aking ipinag-utos sa
iyo, masdan, hangad nilang [a]kit-
lin ang iyong buhay.
2 At ito ay nangyari na, na [a]inu-
tusan ng Panginoon ang aking
ama, maging sa isang [b]panagi-
nip, na nararapat niyang [c]ipag-
sama ang kanyang mag-anak at
lumisan patungo sa ilang.
3 At ito ay nangyari na, na siya
ay naging [a]masunurin sa salita
ng Panginoon, anupa't siya ay

18*b* GBK Propesiya, Pagpopropesiya.
19*a* 2 Cron. 36:15–16; Jer. 25:4; 1 Ne. 2:13; 7:14.
*b* GBK Mesiyas.
20*a* Hel. 13:24–26.
*b* Alma 34:38; D at T 46:15. GBK Awa, Maawain.
**2** 1*a* 1 Ne. 7:14.
2*a* 1 Ne. 5:8; 17:44.
*b* GBK Panaginip.
*c* Gen. 12:1; 2 Ne. 10:20; Eter 1:42; Abr. 2:3.
3*a* GBK Pagsunod, Masunurin, Sumunod.

sumunod gaya ng ipinag-utos ng Panginoon sa kanya.

4 At ito ay nangyari na, na siya ay lumisan patungo sa ilang. At iniwan niya ang kanyang tahanan, at ang lupaing kanyang mana, at ang kanyang ginto, at ang kanyang pilak, at ang kanyang mahahalagang bagay, at wala siyang dinala maliban sa kanyang mag-anak, at mga panustos, at mga tolda, at [a]lumisan patungo sa ilang.

5 At siya ay naglakbay sa may mga hangganan na malapit sa dalampasigan ng [a]Dagat na Pula; at siya ay naglakbay sa ilang sa mga hangganang mas malapit sa Dagat na Pula; at siya ay naglakbay sa ilang kasama ang kanyang mag-anak, na binubuo ng aking ina, si Saria, at ng mga nakatatanda kong kapatid na sina [b]Laman, Lemuel, at Sam.

6 At ito ay nangyari na, nang siya ay nakapaglakbay na nang tatlong araw sa ilang, itinayo niya ang kanyang tolda sa isang [a]lambak sa tabi ng isang ilog ng tubig.

7 At ito ay nangyari na, na siya ay gumawa ng isang [a]dambanang [b]bato, at gumawa ng isang pag-aalay sa Panginoon, at [c]nagbigay-pasasalamat sa Panginoon naming Diyos.

8 At ito ay nangyari na, na tinawag niya ang pangalan ng ilog na Laman, at ito ay umuuho patungo sa Dagat na Pula; at ang lambak ay nasa mga hangganang malapit sa bukana niyon.

9 At nang makita ng aking ama na ang mga tubig ng ilog ay umuuho patungo sa bukal ng Dagat na Pula, siya ay nangusap kay Laman, sinasabing: O sana ay maging katulad ka ng ilog na ito, patuloy na umaagos patungo sa bukal ng lahat ng kabutihan!

10 At siya ay nangusap din kay Lemuel: O sana ay maging katulad ka ng lambak na ito, matibay at matatag, at hindi matitinag sa pagsunod sa mga kautusan ng Panginoon!

11 Ngayon, ito ay nasabi niya dahil sa katigasan ng leeg nina Laman at Lemuel; sapagkat masdan, sila ay [a]bumubulung-bulong sa maraming bagay laban sa kanilang [b]ama, dahil sa siya ay isang [c]mapangitaing tao, at inakay sila palabas sa lupain ng Jerusalem, upang iwan ang lupaing kanilang mana, at ang kanilang ginto, at ang kanilang pilak, at ang kanilang mahahalagang bagay, upang mangasawi sa ilang. At sinabi nila na ito ay ginawa niya dahil sa mga hangal na guni-guni ng kanyang puso.

12 At sa gayon sina Laman at Lemuel, na mga nakatatanda, ay bumulung-bulong laban sa kanilang ama. At sila ay bumu-

4*a* 1 Ne. 10:4; 19:8.
5*a* 1 Ne. 16:14; D at T 17:1.
*b* GBK Laman.
6*a* 1 Ne. 9:1.
7*a* Gen. 12:7–8; Ex. 24:4; Abr. 2:17.
*b* Ex. 20:25; Deut. 27:5–6.
*c* GBK Salamat, Nagpapasalamat, Pasasalamat.
11*a* 1 Ne. 17:17. GBK Bumulung-bulong.
*b* Kaw. 20:20.
*c* 1 Ne. 5:2–4.

lung-bulong sapagkat hindi nila
[a]nalalaman ang mga pakikitu-
ngo ng Diyos na siyang lumik-
ha sa kanila.
13 Ni hindi sila naniniwala na
ang Jerusalem, ang dakilang
lunsod, ay maaaring [a]mawasak
alinsunod sa mga salita ng mga
propeta. At sila ay katulad ng
mga Judio na nasa Jerusalem,
na naghangad na kitlin ang bu-
hay ng aking ama.
14 At ito ay nangyari na, na
ang aking ama ay nangusap sa
kanila sa lambak ng Lemuel,
nang may [a]kapangyarihan, na
puspos ng Espiritu, hanggang
sa ang kanilang mga katawan ay
[b]nanginig sa harapan niya. At
sila ay kanyang nalito, kaya sila
ay hindi nakapangahas na mag-
salita nang laban sa kanya; anu-
pa't sila ay sumunod gaya ng
kanyang ipinag-utos sa kanila.
15 At ang aking ama ay nani-
rahan sa isang tolda.
16 At ito ay nangyari na, na
ako, si Nephi, na lubhang bata
pa, gayunman ay may malaking
pangangatawan, at sapagkat
mayroon ding matinding pag-
nanais na malaman ang mga
[a]hiwaga ng Diyos, dahil dito,
ako ay nagsumamo sa Pangino-
on; at masdan, [b]dinalaw niya
ako, at [c]pinalambot ang aking
puso kung kaya't [d]pinaniwala-
an ko ang lahat ng salitang sina-
bi ng aking [e]ama; anupa't ako
ay hindi naghimagsik laban sa
kanya na tulad ng aking mga
kapatid.
17 At kinausap ko si Sam,
ipinaaalam sa kanya ang mga
bagay na ipinaalam sa akin ng
Panginoon sa pamamagitan ng
kanyang Banal na Espiritu. At
ito ay nangyari na, na siya ay
naniwala sa aking mga salita.
18 Datapwat, masdan, sina
Laman at Lemuel ay ayaw ma-
kinig sa aking mga salita; at
sapagkat [a]nagdadalamhati dahil
sa katigasan ng kanilang mga
puso, ako ay nagsumamo sa
Panginoon para sa kanila.
19 At ito ay nangyari na, na
ang Panginoon ay nangusap sa
akin, sinasabing: Pinagpala ka,
Nephi, dahil sa iyong [a]pana-
nampalataya, sapagkat hinanap
mo ako nang buong pagsisikap,
nang may kapakumbabaan ng
puso.
20 At habang sinusunod mo
ang aking mga kautusan, ikaw
ay [a]uunlad, at aakayin sa isang
[b]lupang pangako; oo, maging sa
isang lupaing aking inihanda
para sa iyo; oo, isang lupaing
pinili nang higit sa lahat ng iba
pang lupain.
21 At habang ang iyong mga
kapatid ay naghihimagsik laban

12*a* Moi. 4:6.
13*a* Jer. 13:14;
1 Ne. 1:13.
14*a* GBK Kapangyarihan.
*b* 1 Ne. 17:45.
16*a* GBK Hiwaga ng Diyos, Mga.
*b* Awit 8:4;
Alma 17:10;
D at T 5:16.
GBK Paghahayag.
*c* 1 Hari 18:37;
Alma 5:7.
*d* 1 Ne. 11:5.
*e* GBK Ama, Mortal na; Propeta.
18*a* Alma 31:24;
3 Ne. 7:16.
19*a* 1 Ne. 7:12; 15:11.
20*a* Jos. 1:7;
1 Ne. 4:14;
Mos. 1:7.
*b* Deut. 33:13–16;
1 Ne. 5:5; 7:13;
Moi. 7:17–18.
GBK Lupang Pangako.

sa iyo, sila ay [a]itatakwil mula sa harapan ng Panginoon.

22 At habang sinusunod mo ang aking mga kautusan, ikaw ay gagawing isang [a]pinuno at isang guro sa iyong mga kapatid.

23 Sapagkat masdan, sa araw na yaon na sila ay maghimagsik laban sa akin, [a]susumpain ko sila maging ng isang masidhing sumpa, at hindi sila magkakaroon ng kapangyarihan sa iyong mga binhi maliban kung sila ay maghimagsik din laban sa akin.

24 At kung mangyayari na sila ay maghimagsik laban sa akin, sila ay magiging isang [a]pahirap sa iyong mga binhi, upang [b]pukawin sila sa mga landas ng pag-alaala.

## KABANATA 3

*Ang mga anak ni Lehi ay bumalik sa Jerusalem upang kunin ang mga laminang tanso—Si Laban ay tumangging ibigay ang mga lamina—Pinayuhan ni Nephi at pinalakas ang loob ng kanyang mga kapatid—Ninakaw ni Laban ang kanilang ari-arian at pinagtangkaan silang patayin—Hinampas nina Laman at Lemuel sina Nephi at Sam at sila ay kinagalitan ng isang anghel. Mga 600–592* B.C.

AT ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay bumalik, matapos makipag-usap sa Panginoon, sa tolda ng aking ama.

2 At ito ay nangyari na, na nangusap siya sa akin, sinasabing: Masdan, ako ay nanaginip ng isang [a]panaginip, na kung saan ang Panginoon ay nag-utos sa akin na ikaw at ang iyong mga kapatid ay magbalik sa Jerusalem.

3 Sapagkat masdan, na kay Laban ang talaan ng mga Judio at gayon din ang isang [a]talaangkanan ng aking mga ninuno, at ang mga yaon ay nakaukit sa mga laminang tanso.

4 Anupa't ang Panginoon ay nag-utos sa akin na ikaw at ang iyong mga kapatid ay nararapat magtungo sa tahanan ni Laban, at hanapin ang mga talaan, at dalhin ang mga yaon dito sa ilang.

5 At ngayon, masdan, ang iyong mga kapatid ay bumubulung-bulong, sinasabing isang mahirap na bagay ang aking hinihingi sa kanila; subalit masdan, hindi ako ang humihingi sa kanila, kundi ito ay isang kautusan ng Panginoon.

6 Kung gayon humayo, anak ko, at ikaw ay kakasihan ng Panginoon, sapagkat ikaw ay [a]hindi bumubulung-bulong.

7 At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay nangusap sa aking ama: [a]Hahayo ako at gagawin

21*a* 2 Ne. 5:20–24; Alma 9:13–15; 38:1.
22*a* Gen. 37:8–11; 1 Ne. 3:29.
23*a* Deut. 11:28; 1 Ne. 12:22–23; D at T 41:1.
24*a* Jos. 23:13; Huk. 2:22–23.
*b* 2 Ne. 5:25.
**3** 2*a* GBK Panaginip.
3*a* 1 Ne. 5:14.
6*a* GBK Pagtataguyod sa mga Pinuno ng Simbahan.
7*a* 1 Sam. 17:32; 1 Hari 17:11–15. GBK Pananampalataya; Pagsunod, Masunurin, Sumunod.

ang mga bagay na ipinag-uutos
ng Panginoon, sapagkat nala-
laman ko na ang Panginoon ay
hindi magbibigay ng mga [b]ka-
utusan sa mga anak ng tao, ma-
liban sa siya ay [c]maghahanda
ng paraan para sa kanila upang
kanilang maisagawa ang bagay
na kanyang ipinag-uutos sa ka-
nila.
8 At ito ay nangyari na, nang
marinig ng aking ama ang mga
salitang ito siya ay lubhang na-
galak, sapagkat kanyang napag-
tanto na ako ay pinagpala ng
Panginoon.
9 At ako, si Nephi, at ang aking
mga kapatid ay naglakbay sa
ilang, dala ang aming mga tol-
da, upang umahon sa lupain ng
Jerusalem.
10 At ito ay nangyari na, nang
kami ay makarating sa lupain
ng Jerusalem, ako at ang aking
mga kapatid ay nagsanggunian
sa isa't isa.
11 At kami ay [a]nagpalabunu-
tan—kung sino sa amin ang
nararapat pumasok sa tahanan
ni Laban. At ito ay nangyari na,
na ang kapalaran ay tumama
kay Laman; at si Laman ay pu-
masok sa tahanan ni Laban, at
siya ay nakipag-usap sa kanya
habang siya ay nakaupo sa loob
ng kanyang tahanan.
12 At hiningi niya kay Laban
ang mga talaang nakaukit sa mga
laminang tanso, na naglalaman
ng [a]talaangkanan ng aking ama.
13 At masdan, ito ay nangyari
na, na si Laban ay nagalit, at ipi-
nagtulakan siyang palabas mula
sa kanyang harapan; at ayaw
niyang mapasakanya ang mga
talaan. Anupa't sinabi niya sa
kanya: Masdan, ikaw ay isang
tulisan, at papatayin kita.
14 Subalit si Laman ay nakata-
kas sa kanyang harapan, at si-
nabi ang mga bagay na ginawa
ni Laban, sa amin. At kami ay
nagsimulang maging lubhang
malungkot, at ang aking mga
kapatid ay handa nang magsi-
balik sa aking ama sa ilang.
15 Subalit masdan, sinabi ko sa
kanila na: Yamang ang Pangino-
on ay buhay, at habang tayo ay
nabubuhay, hindi tayo bababa
sa ating ama sa ilang hangga't
hindi natin naisasagawa ang
bagay na ipinag-uutos ng Pa-
nginoon sa atin.
16 Samakatwid, tayo ay mag-
pakatapat sa pagsunod sa mga
kautusan ng Panginoon; kaya
nga, tayo ay bumaba sa lupaing
[a]mana ng ating ama, sapagkat
masdan kanyang iniwan ang
ginto at pilak, at lahat ng uri
ng kayamanan. At ang lahat ng
ito ay kanyang ginawa dahil sa
mga [b]kautusan ng Panginoon.
17 Sapagkat nalalaman niya
na ang Jerusalem ay tiyak na
[a]mawawasak, dahil sa kasama-
an ng mga tao.
18 Sapagkat masdan, kanilang
[a]tinanggihan ang mga salita ng

7*b* GBK Kautusan ng Diyos, Mga.
*c* Gen. 18:14; Fil. 4:13; 1 Ne. 17:3, 50; D at T 5:34.
11*a* Neh. 10:34; Gawa 1:26.
12*a* 1 Ne. 3:3; 5:14.
16*a* 1 Ne. 2:4.
*b* 1 Ne. 2:2; 4:34.
17*a* 2 Cron. 36:16–20; Jer. 39:1–9; 1 Ne. 1:13.
18*a* GBK Paghihimagsik.

mga propeta. Anupa't kung ang aking ama ay maninirahan sa lupain matapos na siya ay [b]utusang tumakas sa lupaing ito, masdan, siya ay masasawi rin. Kaya nga, talagang kinakailangan na siya ay tumakas sa lupain.
19 At masdan, iyon ay karunungan sa Diyos na nararapat na-
ting makuha ang mga [a]talaang ito, upang mapanatili natin para sa ating mga anak ang wika ng ating mga ama;
20 At upang atin ding [a]mapanatili sa kanila ang mga salitang ipinahayag ng bibig ng lahat ng banal na propeta, na ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu at kapangyarihan ng Diyos, magmula pa noong simula ng daigdig, maging hanggang dito sa kasalukuyang panahon.
21 At ito ay nangyari na, na alinsunod sa ganitong pamamaraan ng pananalita ay hinikayat ko ang aking mga kapatid, upang sila ay maging matapat sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos.
22 At ito ay nangyari na, na kami ay bumaba sa lupaing aming mana, at sama-samang tinipon namin ang aming mga [a]ginto, at ang aming mga pilak, at ang aming mahahalagang bagay.
23 At matapos naming samasamang matipon ang mga bagay na ito, kami ay umahon muli sa tahanan ni Laban.
24 At ito ay nangyari na, na kami ay pumasok patungo kay Laban, at hiniling sa kanyang ibigay niya sa amin ang mga talaang nakaukit sa mga [a]laminang tanso, na bilang kapalit ay ibibigay namin sa kanya ang aming mga ginto, at ang aming mga pilak, at ang lahat ng aming mahalagang bagay.
25 At ito ay nangyari na, nang makita ni Laban ang aming ariarian, at na iyon ay lubhang napakarami, [a]pinagnasaan niya ang mga iyon, hanggang sa ipagtulakan niya kami palabas, at isinugo ang kanyang mga tagapagsilbi upang patayin kami, upang kanyang makuha ang aming ari-arian.
26 At ito ay nangyari na, na kami ay tumakas sa harapan ng mga tagapagsilbi ni Laban, at kami ay napilitang iwan ang aming ari-arian, at iyon ay nahulog sa mga kamay ni Laban.
27 At ito ay nangyari na, na kami ay tumakas patungo sa ilang, at ang mga tagapagsilbi ni Laban ay hindi kami naabutan, at itinago namin ang sarili sa butas ng isang malaking bato.
28 At ito ay nangyari na, na si Laman ay nagalit sa akin, at gayon din sa aking ama; at gayon din si Lemuel, sapagkat siya ay nakinig sa mga salita ni Laman. Anupa't sina Laman at Lemuel ay nangusap ng [a]masasakit na salita sa amin, na kanilang mga

18*b* 1 Ne. 16:8.
19*a* Omni 1:17; Mos. 1:2–6.
20*a* GBK Banal na Kasulatan, Mga—Mga banal na kasulatan dapat pangalagaan.
22*a* 1 Ne. 2:4.
24*a* 1 Ne. 3:3.
25*a* GBK Imbot.
28*a* 1 Ne. 17:17–18.

nakababatang kapatid, at kami
ay kanilang hinampas ng isang
pamalo.
29 At ito ay nangyari na, na
samantalang hinahampas nila
kami ng pamalo, masdan, isang
[a]anghel ng Panginoon ang du-
mating at tumayo sa harapan
nila, at siya ay nangusap sa ka-
nila, sinasabing: Bakit ninyo
hinahampas ng pamalo ang in-
yong nakababatang kapatid?
Hindi ba ninyo nalalaman na
siya ay pinili ng Panginoon na
maging [b]pinuno ninyo, at ito ay
dahil sa inyong mga kasamaan?
Masdan, kayo ay muling aahon
sa Jerusalem, at ibibigay ng
Panginoon si Laban sa inyong
mga kamay.
30 At matapos na ang [a]anghel
ay makapangusap sa amin, siya
ay lumisan.
31 At matapos makalisan ang
anghel, sina Laman at Lemuel
ay muling nagsimulang [a]bumu-
lung-bulong, sinasabing: Paano
mangyayaring ibibigay ng Pa-
nginoon si Laban sa ating mga
kamay? Masdan, siya ay isang
makapangyarihang tao, at kaya
niyang utusan ang limampu,
oo, maging limampu ay kaya
niyang patayin; tayo pa kaya
ang hindi?

## KABANATA 4

*Pinatay ni Nephi si Laban sa utos ng Panginoon at pagkatapos ay kinuha ang mga laminang tanso sa pamamagitan ng pakana—Pinili ni Zoram na sumama sa mag-anak ni Lehi sa ilang. Mga 600–592 B.C.*

AT ito ay nangyari na, na ako ay
nangusap sa aking mga kapatid,
sinasabing: Tayo nang umahon
muli sa Jerusalem, at tayo ay
maging [a]matapat sa pagsunod
sa mga kautusan ng Panginoon;
sapagkat masdan, siya ay higit
na makapangyarihan kaysa la-
hat ng sangkatauhan, kung ga-
yon bakit hindi siya magiging
higit na [b]makapangyarihan kay-
sa kay Laban at sa kanyang li-
mampu, oo, maging sa kanyang
sampu-sampung libo?
2 Samakatwid tayo nang uma-
hon; maging [a]malakas tayong
katulad ni [b]Moises; sapagkat
siya ay tunay na nangusap sa
tubig ng [c]Dagat na Pula at yaon
ay nahati nang dito at doon, at
ang ating mga ama ay nakata-
wid at nakalaya mula sa pag-
kabihag, sa tuyong lupa, at ang
mga hukbo ni Faraon na sumu-
nod sa kanila ay nangalunod sa
tubig ng Dagat na Pula.
3 Ngayon masdan, alam ninyo
na ito ay totoo; at alam din nin-
yo na isang [a]anghel ang nangu-
sap sa inyo; kung gayon, mag-
aalinlangan pa ba kayo? Uma-
hon na tayo; ang Panginoon ay
kaya tayong iligtas, maging ka-
gaya ng ating mga ama, at pa-

29*a* 1 Ne. 4:3; 7:10.
GBK Anghel, Mga.
*b* 1 Ne. 2:22.
30*a* 1 Ne. 16:38.
31*a* GBK Bumulung-bulong.
**4** 1*a* GBK Lakas ng Loob, Malakas ang Loob; Pananampalataya.
*b* 1 Ne. 7:11–12.
2*a* Deut. 11:8.
*b* GBK Moises.
*c* Ex. 14:21; 1 Ne. 17:26; Mos. 7:19.
3*a* 1 Ne. 3:29–31; 7:10.

tayin si Laban, maging katulad
ng mga taga-Egipto.
4 Ngayon, nang sabihin ko ang
mga salitang ito, sila ay galit pa
rin, at nagpatuloy na bumulung-
bulong; gayunman, sumunod
sila sa akin hanggang sa kami
ay makarating sa labas ng mga
pader ng Jerusalem.
5 At noon ay gabi; at pinapag-
tago ko sila sa labas ng mga pa-
der. At matapos nilang maitago
ang sarili, ako, si Nephi, ay gu-
mapang na papasok sa lunsod at
nagtungo sa tahanan ni Laban.
6 At ako ay [a]pinatnubayan ng
Espiritu, nang sa simula ay hin-
di pa [b]nalalaman ang mga bagay
na nararapat kong gawin.
7 Gayunman, ako ay yumaon,
at habang ako ay papalapit sa
tahanan ni Laban ay namasdan
ko ang isang tao, at siya ay na-
kabulagta sa lupa sa harapan ko,
sapagkat siya ay lango sa alak.
8 At nang ako ay lumapit sa
kanya ay natuklasan ko na siya
si Laban.
9 At namasdan ko ang kan-
yang [a]espada, at hinugot ko ito
sa kaluban niyon; at ang pulu-
han niyon ay lantay na ginto, at
ang pagkakayari niyon ay lub-
hang napakainam, at nakita ko
na ang talim niyon ay yari sa
natatanging asero.
10 At ito ay nangyari na, na ako
ay [a]pinilit ng Espiritu na dapat
kong patayin si Laban; datap-
wat winika ko sa aking puso:
Kailanman ako ay hindi nagpa-
danak ng dugo ng tao. At ako
ay nanliit at ninais na huwag
ko siyang patayin.
11 At ang Espiritu ay muling
nangusap sa akin: Masdan ibi-
nigay siya ng [a]Panginoon sa
iyong mga kamay. Oo, at alam
ko ring hinangad niyang kitlin
ang aking buhay; oo, at ayaw
niyang makinig sa mga kautu-
san ng Panginoon; at kanya ring
[b]kinuha ang aming ari-arian.
12 At ito ay nangyari na, na
ang Espiritu ay muling nangu-
sap sa akin: Patayin mo siya,
sapagkat ibinigay siya ng Pa-
nginoon sa iyong mga kamay;
13 Masdan [a]pinapatay ng Pa-
nginoon ang [b]masasama upang
maisagawa ang kanyang mga
banal na layunin. [c]Higit na ma-
buting masawi ang isang tao
kaysa ang isang bansa ay tulu-
yang manghina at masawi sa
kawalang-paniniwala.
14 At ngayon, nang ako, si
Nephi, ay marinig ang mga sa-
litang ito, naalaala ko ang mga
salita ng Panginoon na winika
niya sa akin sa ilang, sinasabing:
[a]Habang ang iyong mga binhi
ay sumusunod sa aking mga
[b]kautusan, sila ay [c]uunlad sa
[d]lupang pangako.
15 Oo, at naisip ko ring hindi

6*a* GBK Espiritu Santo; Inspirasyon.
*b* Heb. 11:8.
9*a* 2 Ne. 5:14; D at T 17:1.
10*a* Alma 14:11.
11*a* 1 Sam. 17:41–49.
*b* 1 Ne. 3:26.
13*a* 1 Ne. 17:33–38; D at T 98:31–32.
*b* GBK Masama, Kasamaan.
*c* Alma 30:47.
14*a* Omni 1:6; Mos. 2:22; Eter 2:7–12.
*b* GBK Kautusan ng Diyos, Mga.
*c* 1 Ne. 2:20.
*d* 1 Ne. 17:13–14; Jac. 2:12.

nila masusunod ang mga kautusan ng Panginoon alinsunod sa mga batas ni Moises, maliban kung nasa kanila ang mga batas.
16 At alam ko rin na ang mga [a]batas ay nakaukit sa mga laminang tanso.
17 At muli, alam kong ibinigay ng Panginoon si Laban sa aking mga kamay para sa layuning ito—upang mapasaakin ang mga talaan alinsunod sa kanyang mga kautusan.
18 Samakatwid, sinunod ko ang tinig ng Espiritu, at hinawakan ko si Laban sa buhok, at tinagpas ko ang kanyang ulo ng sarili niyang [a]espada.
19 At matapos kong tagpasin ang kanyang ulo ng sarili niyang espada, kinuha ko ang mga kasuotan ni Laban at isinuot ko sa aking katawan; oo, maging ang pinakamumunting bagay; at ibinigkis ko ang kanyang baluti sa aking balakang.
20 At matapos kong magawa ito, ako ay nagtungo sa kabang-yaman ni Laban. At nang ako ay patungo sa kabang-yaman ni Laban, masdan, nakita ko ang [a]tagapagsilbi ni Laban na siyang nag-iingat ng mga susi ng kabang-yaman. At inutusan ko siya sa tinig ni Laban, na dapat siyang sumama sa akin sa kabang-yaman.
21 At inakala niyang ako ang panginoon niyang si Laban, sapagkat namasdan niya ang mga kasuotan at gayon din ang espada na nakabigkis sa aking balakang.
22 At siya ay nangusap sa akin hinggil sa mga elder ng mga Judio, sapagkat nalalaman niya na ang kanyang panginoon, si Laban, ay lumabas nang gabing yaon na kasama nila.
23 At nakipag-usap ako sa kanya na para bang si Laban.
24 At sinabi ko rin sa kanya na dapat kong dalhin ang mga inukit na nasa mga [a]laminang tanso, sa aking mga nakatatandang kapatid na nasa labas ng mga pader.
25 At sinabihan ko rin siya na dapat siyang sumunod sa akin.
26 At siya, sa pag-aakalang ang mga kapatid sa simbahan ang tinutukoy ko, at ako ay tunay na si Laban na aking pinatay, dahil dito, siya ay sumunod sa akin.
27 At nangusap siya sa akin nang maraming ulit hinggil sa mga elder ng mga Judio, habang ako ay patungo sa aking mga kapatid, na nasa labas ng mga pader.
28 At ito ay nangyari na, nang makita ako ni Laman siya ay lubhang natakot, at gayon din sina Lemuel at Sam. At sila ay tumakbong papalayo sa akin; sapagkat inakala nilang ako si Laban, at na ako ay kanyang napatay at naghahangad na kitlin din ang kanilang mga buhay.
29 At ito ay nangyari na, na tinawag ko sila, at narinig nila ako; anupa't huminto sila sa pagtakbong palayo sa akin.

16*a* gbk Batas ni Moises, Mga.
18*a* 1 Sam. 17:51.
20*a* 2 Ne. 1:30.
24*a* 1 Ne. 3:12, 19–24; 5:10–22.

30 At ito ay nangyari na, nang
mamasdan ng tagapagsilbi ni
Laban ang aking mga kapatid
ay nagsimula siyang manginig,
at tatalilis na sana palayo sa
akin at babalik sa lunsod ng
Jerusalem.
31 At ngayon, ako, si Nephi,
na isang lalaking may malaking
bulas, at nakatanggap din ng
pambihirang [a]lakas mula sa Pa-
nginoon, samakatwid sinung-
gaban ko ang tagapagsilbi ni
Laban, at pinigilan siya, upang
huwag siyang makatakas.
32 At ito ay nangyari na, na
ako ay nangusap sa kanya, na
kung pakikinggan niya ang
aking mga salita, yamang ang
Panginoon ay buhay, at habang
ako ay nabubuhay, at kung ma-
kikinig siya sa aming mga sali-
ta, hahayaan namin siyang ma-
buhay.
33 At ako ay nangusap sa kan-
ya, maging nang may [a]panu-
numpa, na hindi siya dapat
matakot; na siya ay magiging
isang malayang tao na katulad
namin kung siya ay bababa sa
amin sa ilang.
34 At nangusap din ako sa kan-
ya, sinasabing: Tunay na ang
Panginoon ang [a]nag-utos sa
aming gawin ang bagay na ito;
at dapat ba kaming hindi ma-
ging masikap sa pagsunod sa
mga kautusan ng Panginoon?
Kung gayon, kung bababa ka
sa ilang sa aking ama, ikaw ay
magkakaroon ng lugar sa amin.
35 At ito ay nangyari na, na si
[a]Zoram ay nagkalakas ng loob
sa mga salitang aking sinabi.
Ngayon, ang pangalan ng taga-
pagsilbi ay Zoram; at nangako
siyang bababa patungo sa ilang
sa aming ama. Oo, at nanumpa
rin siya sa amin na siya ay ma-
mamalagi sa amin mula sa pa-
nahong yaon.
36 Ngayon ninais namin na
siya ay mamalagi sa amin sa
ganitong dahilan, upang huwag
malaman ng mga Judio ang hing-
gil sa aming pagtakas patungo
sa ilang, na baka kami ay kani-
lang tugisin at patayin kami.
37 At ito ay nangyari na, nang
[a]manumpa si Zoram sa amin,
nawala ang aming takot hinggil
sa kanya.
38 At ito ay nangyari na, na
aming kinuha ang mga lami-
nang tanso at isinama ang taga-
pagsilbi ni Laban, at lumisan
patungo sa ilang, at naglakbay
patungo sa tolda ng aming ama.

## KABANATA 5

*Si Saria ay dumaing laban kay Lehi—Kapwa sila nagalak sa pagbabalik ng kanilang mga anak—Sila ay nag-alay ng mga hain—Ang mga laminang tanso ay naglalaman ng mga sulat ni Moises at ng mga propeta—Tinukoy ng mga lamina na si Lehi ay binhi ni Jose—Si Lehi ay nagpropesiya hinggil sa kanyang mga inapo at*

31*a* Mos. 9:17; Alma 56:56.
33*a* GBK Sumpa, Mga Sumpa.
34*a* 1 Ne. 2:2; 3:16.
35*a* 1 Ne. 16:7; 2 Ne. 5:5–6. GBK Zoram, Mga Zoramita.
37*a* Jos. 9:1–21; Ec. 5:4. GBK Sumpa, Mga Sumpa.

*ang pangangalaga sa mga lamina.*
*Mga 600–592 b.c.*

At ito ay nangyari na, na mata-
pos kaming magtungo sa ilang
sa aming ama, masdan, siya ay
napuspos ng galak, at gayon
din, ang aking inang si [a]Saria ay
lubhang nagalak, sapagkat tu-
nay na siya ay nagdalamhati
dahil sa amin.
2 Sapagkat inakala niya na
kami ay nangasawi sa ilang; at
siya rin ay dumaing laban sa
aking ama, sinasabi sa kanya
na siya ay isang mapangitaing
tao; sinasabing: Masdan inila-
yo mo kami sa lupaing ating
mana, at ang aking mga anak
ay wala na, at tayo ay masasa-
wi sa ilang.
3 At sa ganitong pamamaraan
ng pananalita ang aking ina ay
dumaing laban sa aking ama.
4 At ito ay nangyari na, na ang
aking ama ay nangusap sa kan-
ya, sinasabing: Alam ko na ako
ay isang [a]mapangitaing tao; sa-
pagkat kung hindi ko nakita ang
mga bagay ng Diyos sa isang
[b]pangitain, hindi ko sana nauna-
waan ang kabutihan ng Diyos,
kundi namalagi na lamang sa
Jerusalem, at nasawi kasama
ang aking mga kapatid.
5 Ngunit masdan, aking nata-
mo ang isang [a]lupang pangako,
at sa bagay na ito ako ay naga-
galak; oo, at [b]alam kong ililig-
tas ng Panginoon ang aking mga
anak mula sa mga kamay ni
Laban, at ibabalik silang muli
sa atin sa ilang.
6 At sa ganitong pamamaraan
ng pananalita inaliw ng aking
amang si Lehi ang aking inang
si Saria, hinggil sa amin, habang
kami ay naglalakbay sa ilang
patungo sa lupain ng Jerusa-
lem, upang makuha ang talaan
ng mga Judio.
7 At nang kami ay nakabalik
na sa tolda ng aking ama, mas-
dan, ang kanilang kagalakan ay
nalubos, at ang aking ina ay
naaliw.
8 At siya ay nangusap, sina-
sabing: Ngayon nalalaman ko
nang may katiyakan na ang Pa-
nginoon ang [a]nag-utos sa aking
asawa na tumakas patungo sa
ilang; oo, at nalalaman ko rin
nang may katiyakan na pina-
ngalagaan ng Panginoon ang
aking mga anak, at iniligtas sila
mula sa mga kamay ni Laban,
at binigyan sila ng kapangyari-
han upang [b]maisagawa nila ang
bagay na iniutos ng Panginoon
sa kanila. At sa ganitong pama-
maraan ng pananalita siya ay
nangusap.
9 At ito ay nangyari na, na sila
ay lubhang nagalak, at nag-alay
ng [a]hain at mga handog na su-
sunugin sa Panginoon; at sila
ay nagbigay ng [b]pasalamat sa
Diyos ng Israel.

---

**5** 1*a* gbk Saria.
4*a* 1 Ne. 2:11.
*b* 1 Ne. 1:8–13. gbk Pangitain.
5*a* 1 Ne. 2:20; 18:8, 22–23. gbk Lupang Pangako.
*b* gbk Pananampalataya.
8*a* 1 Ne. 2:2.
*b* 1 Ne. 3:7.
9*a* Mos. 2:3; 3 Ne. 9:19–20. gbk Batas ni Moises, Mga.
*b* gbk Salamat, Nagpapasalamat, Pasasalamat.

10 At matapos na sila ay makapagbigay-pasasalamat sa Diyos ng Israel, kinuha ng aking amang si Lehi ang mga talaang nakaukit sa mga [a]laminang tanso, at sinaliksik niya ang mga yaon mula sa simula.

11 At namasdan niya na yaon ay naglalaman ng limang [a]aklat ni Moises, na nagbibigay-ulat sa paglikha ng daigdig, at gayon din kina Adan at Eva, na ating mga unang magulang;

12 At gayundin ng [a]talaan ng mga Judio mula sa simula, maging hanggang sa pagsisimula ng paghahari ni Zedekias, hari ng Juda;

13 At ng mga propesiya rin ng mga banal na propeta, mula sa simula, maging hanggang sa pagsisimula ng paghahari ni [a]Zedekias; at marami rin sa mga propesiyang binigkas ng bibig ni [b]Jeremias.

14 At ito ay nangyari na, na natagpuan din ng aking amang si Lehi, sa mga laminang tanso, ang [a]talaangkanan ng kanyang mga ama; sa gayon nalaman niya na siya ay inapo ni [b]Jose; oo, maging iyon ding si Jose na anak ni [c]Jacob, na [d]ipinagbili sa Egipto, at [e]pinangalagaan ng kamay ng Panginoon upang mapangalagaan niya ang kanyang ama, si Jacob, at ang kanyang buong sambahayan mula sa pagkasawi sa taggutom.

15 At sila ay [a]pinalaya rin mula sa pagkabihag, at mula sa lupain ng Egipto, ng yaon ding Diyos na nangalaga sa kanila.

16 At sa gayon natuklasan din ng aking amang si Lehi ang talaangkanan ng kanyang mga ama. At si Laban ay inapo rin ni [a]Jose, kaya nga iniingatan niya at ng kanyang mga ama ang mga talaan.

17 At ngayon, nang mapagalaman ng aking ama ang lahat ng bagay na ito, siya ay napuspos ng Espiritu, at nagsimulang magpropesiya hinggil sa kanyang mga binhi—

18 Na ang mga laminang tansong ito ay hahayo sa lahat ng bansa, lahi, wika, at tao na kanyang mga binhi.

19 Samakatwid, sinabi niya na ang mga laminang tansong ito ay [a]hindi kailanman masisira; ni hindi palalabuin ng panahon. At siya ay nagpropesiya ng maraming bagay hinggil sa kanyang mga binhi.

20 At ito ay nangyari na, na sa gayon ako at ang aking ama nakasunod sa mga kautusang iniutos sa amin ng Panginoon.

21 At aming nakuha ang mga

10*a* 1 Ne. 4:24, 38; 13:23. GBK Laminang Tanso, Mga.
11*a* 1 Ne. 19:23. GBK Pentateuch.
12*a* 1 Cron. 9:1. GBK Banal na Kasulatan, Mga.
13*a* 2 Hari 24:18; Jer. 37:1.
*b* Ezra 1:1; Jer. 36:17–32; 1 Ne. 7:14; Hel. 8:20.
14*a* 1 Ne. 3:3, 12. GBK Laminang Tanso, Mga.
*b* 2 Ne. 3:4; Alma 10:3. GBK Jose, Anak ni Jacob.
*c* GBK Jacob, Anak ni Isaac.
*d* Gen. 37:29–36.
*e* Gen. 45:4–5.
15*a* Ex. 13:17–18; Amos 3:1–2; 1 Ne. 17:23–31; D at T 103:16–18; 136:22.
16*a* 1 Ne. 6:2.
19*a* Alma 37:4–5.

talaang iniutos ng Panginoon sa amin, at sinaliksik ang mga yaon at natuklasan na ang mga yaon ay kanais-nais; oo, maging [a]napakahalaga para sa amin kung kaya't maaari naming [b]mapanatili ang mga kautusan ng Panginoon sa aming mga anak.
22 Anupa't ito ay naaayon sa karunungan ng Panginoon na dapat naming dalhin ang mga yaon, habang kami ay naglalakbay sa ilang patungo sa lupang pangako.

## KABANATA 6

*Isinulat ni Nephi ang mga bagay ng Diyos—Ang layunin ni Nephi ay hikayatin ang mga tao na lumapit sa Diyos ni Abraham at maligtas. Mga 600–592 B.C.*

AT ngayon ako, si Nephi, ay hindi nagbibigay ng talaangkanan ng aking mga ama sa bahaging [a]ito ng aking talaan; kahit kailan ay hindi ko isasama ito sa mga [b]laminang ito na aking sinusulatan; sapagkat ito ay kasama sa talaang iniingatan ng aking [c]ama; kaya nga, hindi ko na ito isusulat pa sa akdang ito.
2 Sapagkat sapat nang sabihin ko na kami ay mga inapo ni [a]Jose.
3 At walang halaga sa akin na ako ay masusing magbigay ng buong ulat sa lahat ng bagay ukol sa aking ama, sapagkat ang mga yaon ay hindi maisusulat sa mga laminang [a]ito, sapagkat nais kong magkaroon ng puwang upang maisulat ko ang mga bagay ng Diyos.
4 Sapagkat ang kaganapan ng aking hangarin ay [a]mahikayat ko ang mga tao na [b]lumapit sa Diyos ni Abraham, at sa Diyos ni Isaac, at sa Diyos ni Jacob, at maligtas.
5 Anupa't ang mga bagay na [a]nakasisiya sa sanlibutan ay hindi ko isusulat, kundi ang mga bagay na nakasisiya sa Diyos at sa kanila na hindi makamundo.
6 Kaya nga, ako ay magbibigay ng kautusan sa aking mga binhi, na huwag nilang lalagyan ang mga laminang ito ng mga bagay na walang halaga sa mga anak ng tao.

## KABANATA 7

*Ang mga anak ni Lehi ay nagbalik sa Jerusalem at inanyayahan si Ismael at ang kanyang sambahayan na sumama sa kanila sa kanilang paglalakbay—Si Laman at ang iba pa ay naghimagsik—Pinayuhan ni Nephi ang kanyang mga kapatid na magkaroon ng pananampalataya sa Panginoon—Siya ay kanilang iginapos ng lubid at binalak ang kanyang kamatayan—*

21*a* GBK Banal na Kasulatan, Mga—Kahalagahan ng mga banal na kasulatan.
*b* 2 Ne. 25:26.
**6** 1*a* 2 Ne. 4:14–15.
*b* 1 Ne. 9:2.
*c* 1 Ne. 1:16–17; 19:1–6.
2*a* 1 Ne. 5:14–16.
3*a* Jac. 7:27; Jar. 1:2, 14; Omni 1:30.
4*a* Juan 20:30–31. Tingnan ang pamagat na pahina ng Aklat ni Mormon.
*b* 2 Ne. 9:41, 45, 51.
5*a* 1 Tes. 2:4; S ni M 1:4.

*Siya ay nakalaya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pananampalataya—Ang kanyang mga kapatid ay humingi ng kapatawaran—Si Lehi at ang kanyang mga kasama ay nag-alay ng hain at mga handog na susunugin. Mga 600–592 B.C.*

At ngayon nais ko na sana'y
inyong malaman, na matapos
[a]magpropesiya ang aking amang
si Lehi, hinggil sa kanyang mga
binhi, ito ay nangyari na, na
ang Panginoon ay muling na-
ngusap sa kanya, sinasabing
hindi marapat na ang mag-
anak lamang niya, ni Lehi, ang
isama niya sa ilang; kundi ang
kanyang mga anak na lalaki
ay nararapat magsama ng mga
[b]babae upang maging mga [c]asa-
wa, nang sila ay magkaroon ng
binhi para sa Panginoon sa lu-
pang pangako.
2 At ito ay nangyari na, na ang
Panginoon ay [a]nag-utos sa kan-
ya na ako, si Nephi, at ang aking
mga kapatid, ay nararapat na
magsibalik na muli sa lupain ng
Jerusalem, at ipagsama si Ismael
at ang kanyang mag-anak sa
ilang.
3 At ito ay nangyari na, na
ako, si Nephi, at ang aking mga
kapatid ay [a]muling naglakbay
sa ilang upang umahon sa Jeru-
salem.
4 At ito ay nangyari na, na
kami ay umahon sa tahanan ni
Ismael, at nakuha namin ang
pagsang-ayon sa paningin ni
Ismael, kung kaya nga't nasabi
namin sa kanya ang mga salita
ng Panginoon.
5 At ito ay nangyari na, na
pinalambot ng Panginoon ang
puso ni Ismael, at ng kanya
ring sambahayan, kung kaya
nga't sumama sila sa amin sa
paglalakbay patungo sa ilang
sa tolda ng aming ama.
6 At ito ay nangyari na, na sa-
mantalang kami'y naglalakbay
sa ilang, masdan, sina Laman at
Lemuel, at dalawa sa mga anak
na babae ni Ismael, at ang dala-
wang [a]anak na lalaki ni Ismael
at ang kanilang mga mag-anak,
ay naghimagsik laban sa amin;
oo, laban sa akin, si Nephi, at
kay Sam, at sa kanilang ama, si
Ismael, at sa kanyang asawa, at
sa kanyang tatlo pang anak na
babae.
7 At ito ay nangyari na, na sa
paghihimagsik na ito, sila ay
nagnais na bumalik sa lupain
ng Jerusalem.
8 At ngayon ako, si Nephi, da-
hil sa [a]nalulungkot sa katiga-
san ng kanilang mga puso, sa-
makatwid, ako ay nangusap sa
kanila, sinasabing, oo, maging
kay Laman, at kay Lemuel: Mas-
dan kayo ay mga nakatatan-
dang kapatid ko, at paanong na-
pakatigas ng inyong mga puso,
at napakabulag ng inyong mga
isip, na kinakailangan ninyo na
ako, ang inyong nakababatang
kapatid, ay mangusap sa inyo,
oo, at magbigay ng halimbawa
sa inyo?

**7** 1*a* 1 Ne. 5:17–19.
*b* 1 Ne. 16:7.
*c* GBK Kasal, Pagpapakasal.
2*a* 1 Ne. 16:7–8.
3*a* 1 Ne. 3:2–3.
6*a* 2 Ne. 4:10.
8*a* Alma 31:2; Moi. 7:41.

9 Paanong kayo ay hindi makatalima sa mga salita ng Panginoon?
10 Paanong [a]nakalimutan ninyo na nakakita kayo ng anghel ng Panginoon?
11 Oo, at paanong nakalimutan ninyo ang mga dakilang bagay na ginawa ng Panginoon para sa atin, sa [a]pagliligtas sa atin mula sa mga kamay ni Laban, at gayon din upang makuha natin ang talaan?
12 Oo, at paanong nakalimutan ninyo na kayang gawin ng Panginoon ang [a]lahat ng bagay alinsunod sa kanyang kalooban, alang-alang sa mga anak ng tao, kung tunay na ginagamit nila ang [b]pananampalataya sa kanya? Kaya nga, tayo ay maging matapat sa kanya.
13 At kung tunay na magiging matapat tayo sa kanya, ating matatamo ang [a]lupang pangako; at malalaman ninyo sa darating na panahon na ang salita ng Panginoon ay matutupad hinggil sa [b]pagkawasak ng Jerusalem; sapagkat lahat ng bagay na sinabi ng Panginoon hinggil sa pagkawasak ng Jerusalem ay tiyak na matutupad.
14 Sapagkat masdan, ang Espiritu ng Panginoon ay hihinto kapagdaka sa pananatili sa kanila; sapagkat masdan, [a]itinakwil nila ang mga propeta, at si [b]Jeremias ay kanilang itinapon sa bilangguan. At kanilang hinangad na kitlin ang [c]buhay ng aking ama, kung kaya nga't kanilang naitaboy siya palabas ng lupain.
15 Ngayon masdan, sinasabi ko sa inyo na kung kayo ay magsisibalik sa Jerusalem kayo rin ay masasawing kasama nila. At ngayon, kung kayo ay makapipili, umahon kayo sa lupain, at tandaan ang mga salitang sinasabi ko sa inyo, na kung kayo ay paroroon kayo ay masasawi rin; sapagkat sa gayon ang Espiritu ng Panginoon ay nagpipilit na ako ay magsalita.
16 At ito ay nangyari na, nang ako, si Nephi, ay sabihin ang mga salitang ito sa aking mga kapatid, sila ay nagalit sa akin. At ito ay nangyari na, na pinagbuhatan nila ako ng kanilang mga kamay, sapagkat masdan, sila ay lubhang nagalit, at kanila akong [a]iginapos ng mga lubid, sapagkat kanilang hinangad na kitlin ang aking buhay, nang maiwan nila ako sa ilang upang masila ng mababangis na hayop.
17 Ngunit ito ay nangyari na, na ako ay nanalangin sa Panginoon, sinasabing: O Panginoon, alinsunod sa pananampalataya ko na nasa sa inyo, loobin ninyong maligtas ako mula sa mga kamay ng mga kapatid ko; oo, maging bigyan ninyo ako ng

10*a* Deut. 4:9; 1 Ne. 3:29; 4:3.
11*a* 1 Ne. 4.
12*a* 1 Ne. 17:50; Alma 26:12.
*b* 1 Ne. 3:7; 15:11.
13*a* 1 Ne. 2:20. GBK Lupang Pangako.
*b* 2 Hari 25:1–21; 2 Ne. 6:8; 25:10; Omni 1:15; Hel. 8:20–21.
14*a* Ez. 5:6; 1 Ne. 1:18–20; 2:13. GBK Paghihimagsik.
*b* Jer. 37:15–21.
*c* 1 Ne. 2:1.
16*a* 1 Ne. 18:11–15.

lakas upang [a]malagot ko ang
mga lubid na ito na gumagapos
sa akin.
18 At ito ay nangyari na, nang
sabihin ko ang mga salitang ito,
masdan, ang mga lubid ay naka-
lag mula sa aking mga kamay
at paa, at ako ay tumayo sa ha-
rapan ng aking mga kapatid, at
ako ay muling nangusap sa ka-
nila.
19 At ito ay nangyari na, na
muli silang nagalit sa akin, at
hinangad na pagbuhatan ako
ng mga kamay; ngunit mas-
dan, isa sa mga [a]anak na ba-
bae ni Ismael, oo, at gayon din
ang kanyang ina, at isa sa mga
anak na lalaki ni Ismael, ang
nagmakaawa sa aking mga ka-
patid, kung kaya nga't napa-
lambot nila ang kanilang mga
puso; at sila ay tumigil sa pag-
tatangkang kitlin ang aking
buhay.
20 At ito ay nangyari na, na sila
ay nalungkot, dahil sa kanilang
kasamaan, kung kaya nga't sila
ay yumukod sa harapan ko, at
nagmakaawa sa akin na pata-
warin ko sila sa bagay na kani-
lang nagawa laban sa akin.
21 At ito ay nangyari na, na
tahasan ko silang [a]pinatawad
sa lahat ng kanilang ginawa, at
pinayuhan ko silang manala-
ngin sa Panginoon nilang Diyos
para sa kanilang kapatawaran.
At ito ay nangyari na, na gina-
wa nila ang gayon. At matapos
silang makapanalangin sa Pa-
nginoon ay muli kaming nag-
lakbay patungo sa tolda ng
aming ama.
22 At ito ay nangyari na, na
kami ay nakarating sa tolda ng
aming ama. At matapos na ako
at ang aking mga kapatid at ang
buong sambahayan ni Ismael
ay dumating sa tolda ng aking
ama, sila ay [a]nagbigay-pasala-
mat sa Panginoon nilang Diyos;
at sila ay nag-alay ng [b]hain at
mga handog na susunugin sa
kanya.

## KABANATA 8

*Si Lehi ay nakakita ng isang pangitain ng punungkahoy ng buhay—Kinain niya ang bunga nito at ninais niyang gayon din ang gawin ng kanyang mag-anak—Nakakita siya ng isang gabay na bakal, isang makipot at makitid na landas, at ng abu-abo ng kadiliman na bumabalot sa mga tao—Sina Saria, Nephi, at Sam ay kumain ng bunga, subalit tumanggi sina Laman at Lemuel. Mga 600–592 B.C.*

AT ito ay nangyari na, na tini-
pon naming sama-sama ang la-
hat ng uri ng binhi, bawat uri ng
butil, at gayon din ang mga bin-
hi ng lahat ng uri ng bungang-
kahoy.
2 At ito ay nangyari na, na ha-
bang nanatili ang aking ama sa
ilang ay nangusap siya sa amin,
sinasabing: Masdan, [a]nanaginip
ako ng isang panaginip; o, sa

17*a* Alma 14:26–28.
19*a* 1 Ne. 16:7.
21*a* GBK Magpatawad.
22*a* GBK Salamat, Nagpapasalamat, Pasasalamat.
*b* 1 Ne. 5:9.
**8** 2*a* GBK Panaginip; Paghahayag.

ibang salita, nakakita ako ng
[b]pangitain.
3 At masdan, dahil sa nakita
kong bagay, may dahilan ako
upang magalak sa Panginoon
dahil kay [a]Nephi at gayon din
kay Sam; sapagkat may dahilan
ako upang mag-akala na sila, at
marami rin sa kanilang mga
binhi, ay maliligtas.
4 Subalit masdan, [a]Laman at
Lemuel, labis akong natatakot
dahil sa inyo; sapagkat masdan,
inakala kong nakakita ako sa
aking panaginip, ng isang ma-
dilim at mapanglaw na ilang.
5 At ito ay nangyari na, na na-
kakita ako ng isang lalaki, at
nakasuot siya ng isang puting
[a]bata; lumapit siya at tumayo
sa aking harapan.
6 At ito ay nangyari na, na na-
ngusap siya sa akin, at sinabi-
han akong sumunod sa kanya.
7 At ito ay nangyari na, nang
sumunod ako sa kanya ay na-
masdan ko ang aking sarili na
ako ay nasa isang madilim at
mapanglaw na ilang.
8 At matapos na maglakbay
ako sa loob ng maraming oras
sa kadiliman, nagsimula akong
manalangin sa Panginoon na
[a]maawa siya sa akin, alinsunod
sa nag-uumapaw niyang magi-
liw na awa.
9 At ito ay nangyari na, mata-
pos akong manalangin sa Pa-
nginoon ako ay nakamalas ng
malaki at malawak na [a]parang.
10 At ito ay nangyari na, na
nakamalas ako ng isang [a]pu-
nungkahoy, na ang [b]bunga ay
kanais-nais upang makapagpa-
ligaya sa tao.
11 At ito ay nangyari na, na
lumapit ako at kumain ng [a]bu-
nga nito; at napagtanto ko na
napakatamis nito, higit pa sa
lahat ng natikman ko na. Oo, at
namasdan ko na ang bunga ni-
yon ay puti, higit pa sa lahat ng
[b]kaputiang nakita ko na.
12 At nang kinain ko ang
bunga niyon ay pinuspos nito
ang aking kaluluwa ng labis na
[a]kagalakan; anupa't nagsimula
akong magkaroon ng [b]pagnana-
is na makakain din nito ang
aking mag-anak; sapagkat alam
ko na ito ay higit na [c]kanais-nais
sa lahat ng iba pang bunga.
13 At nang nagpalingun-lingon
ako, nagbabaka sakaling matag-
puan ko rin ang aking mag-
anak, nakamalas ako ng isang
[a]ilog ng tubig; at ito ay duma-
daloy, at malapit ito sa punung-
kahoy kung saan ako kumakain
ng bunga.
14 At nagmasid ako upang ma-
masdan kung saan ito nagmula;
at nakita ko ang dulo nito sa di
kalayuan; at sa dulo nito ay na-
masdan ko ang inyong inang si
Saria, at si Sam, at si Nephi; at

2*b* 1 Ne. 10:17.
gbk Pangitain.
3*a* 1 Ne. 8:14–18.
4*a* 1 Ne. 8:35–36.
5*a* JS—K 1:30–32.
8*a* gbk Awa, Maawain.
9*a* Mat. 13:38.
10*a* Gen. 2:9;
Apoc. 2:7; 22:2;
1 Ne. 11:4, 8–25.
gbk Punungkahoy
ng Buhay.
*b* Alma 32:41–43.
11*a* Alma 5:34.
*b* 1 Ne. 11:8.
12*a* gbk Kagalakan.
*b* Alma 36:24.
*c* 1 Ne. 15:36.
13*a* 1 Ne. 12:16–18;
15:26–29.

nakatayo sila na waring hindi alam kung saan sila patutungo.

15 At ito ay nangyari na, na kinawayan ko sila; at sinabihan ko rin sila sa isang malakas na tinig na dapat silang lumapit sa akin, at kumain ng bunga, na higit na kanais-nais sa lahat ng iba pang bunga.

16 At ito ay nangyari na, na lumapit sila sa akin at kumain din ng bunga.

17 At ito ay nangyari na, na nagnais akong lumapit at kumain din ng bunga sina Laman at Lemuel; kaya nga, ibinaling ko ang aking mga paningin sa dulo ng ilog, nagbabaka sakaling makita ko sila.

18 At ito ay nangyari na, na nakita ko sila, subalit [a]ayaw nilang lumapit sa akin at kumain ng bunga.

19 At nakamalas ako ng [a]gabay na bakal, at ito ay nasa kahabaan ng pampang ng ilog, at patungo sa kinatatayuan kong punungkahoy.

20 At nakamalas din ako ng [a]makipot at makitid na landas, sa kahabaan ng gabay na bakal, maging sa kinatatayuan kong punungkahoy, at patungo rin ito sa dulo ng bukal, patungo sa malaki at malawak na [b]parang, na sa waring ito ay isang daigdig.

21 At nakakita ako ng di mabilang na lipumpon ng mga tao, marami sa kanila ay nagpapatuloy sa paglalakad, upang kanilang matamo ang [a]landas patungo sa kinatatayuan kong punungkahoy.

22 At ito ay nangyari na, na nagtungo sila, at nagsimula sa landas na patungo sa punungkahoy.

23 At ito ay nangyari na, na may lumitaw na [a]abu-abo ng kadiliman; oo, maging isang napakalaking abu-abo ng kadiliman, kung kaya nga't sila na mga nagsimula sa landas ay nangaligaw, at sila ay nagpagala-gala at nangawala.

24 At ito ay nangyari na, na nakamalas ako ng iba pang nagpapatuloy sa paglalakad, at nagtungo sila at mahigpit na humawak sa dulo ng gabay na bakal; at sila ay nagpatuloy sa paglalakad sa abu-abo ng kadiliman, mahigpit na nakakapit sa gabay na bakal, maging hanggang sa makalapit sila at makakain ng [a]bunga ng punungkahoy.

25 At matapos na makakain sila ng bunga ng punungkahoy ay nagpalingun-lingon sila na sa wari ay [a]nahihiya.

26 At nagpalingun-lingon din ako, at nakamalas, sa kabila ng ilog ng tubig, ng isang malaki at [a]maluwang na gusali; at nakatayo ito na sa wari ay nasa hangin, sa itaas ng lupa.

27 At puno ito ng tao, kapwa matanda at bata, kapwa lalaki at babae; at ang paraan ng ka-

18*a* 2 Ne. 5:20–25.
19*a* Awit 2:9; Apoc. 12:5; PJS, Apoc. 19:15; 1 Ne. 8:30; 11:25; 15:23–24.
20*a* Mat. 7:14; 2 Ne. 31:17–20.
*b* Mat. 13:38.
21*a* GBK Daan.
23*a* 1 Ne. 12:17; 15:24.
24*a* 1 Ne. 8:10–12.
25*a* Rom. 1:16; 2 Tim. 1:8; Alma 46:21; Morm. 8:38.
26*a* 1 Ne. 11:35–36; 12:18.

nilang pananamit ay labis na
mainam; at sila ay nasa [a]ayos ng
panlalait at pagtuturo ng ka-
nilang daliri roon sa mga ya-
ong nagsitungo at kumakain ng
bunga.
28 At matapos na [a]matikman
nila ang bunga sila ay [b]nahiya,
dahil sa mga yaong humaha-
mak sa kanila; at [c]nangagsilayo
sila patungo sa mga ipinagba-
bawal na landas at nangawala.
29 At ngayon ako, si Nephi, ay
hindi nagsasabi ng [a]lahat ng sa-
lita ng aking ama.
30 Subalit, upang mapaikli sa
pagsusulat, masdan, nakakita
siya ng marami pang tao na
nagpapatuloy sa paglalakad; at
nakarating sila at mahigpit na
humawak sa dulo ng [a]gabay na
bakal; at nagpatuloy sila sa ka-
nilang paglalakad, patuloy na
humahawak nang mahigpit sa
gabay na bakal, hanggang sa
makarating sila at napatiluhod
at makakain ng bunga ng pu-
nungkahoy.
31 At nakita rin niya ang [a]mara-
mi pang tao na umaapuhap sa
kanilang daraanan patungo sa
malaki at maluwang na gusali.
32 At ito ay nangyari na, na
marami ang nangalunod sa ka-
ilaliman ng [a]bukal; at marami
ang nangawala sa kanyang pa-
ningin, nagpagala-gala sa mga
di kilalang daan.
33 At napakarami ng taong
pumasok sa loob ng yaong di
pangkaraniwang gusali. At ma-
tapos silang makapasok sa gu-
saling yaon ay itinuro nila ang
[a]mapanlibak nilang daliri sa
akin at sa mga yaong kumaka-
in din ng bunga; subalit hindi
namin sila pinansin.
34 Ito ang mga salita ng aking
ama: Kasindami ng [a]pumansin
sa kanila, ay nangaligaw.
35 At hindi kumain ng bunga
sina [a]Laman at Lemuel, wika ng
aking ama.
36 At ito ay nangyari na, na
matapos sabihin ng aking ama
ang lahat ng kanyang panagi-
nip o pangitain, na marami, si-
nabi niya sa amin, na dahil dito
sa mga bagay na nakita niya sa
pangitain, labis siyang natatakot
para kina Laman at Lemuel; oo,
natatakot siya na baka itakwil
sila mula sa harapan ng Pa-
nginoon.
37 At pagkatapos kanyang pi-
nayuhan sila, lakip ang lahat ng
damdamin ng isang nagmama-
hal na [a]magulang, na makinig
sila sa kanyang mga salita, na
baka sakaling maawa ang Pa-
nginoon sa kanila, at hindi sila
itakwil; oo, pinangaralan sila ng
aking ama.
38 At matapos niyang panga-
ralan sila, at nagpropesiya rin
sa kanila ng maraming bagay,
kanyang sinabihan silang sun-
din ang mga kautusan ng Pa-

27*a* GBK Kapalaluan.
28*a* 2 Ped. 2:19–22.
*b* Mar. 4:14–20; 8:38; Lu. 8:11–15; Juan 12:42–43.
*c* GBK Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan.
29*a* 1 Ne. 1:16–17.
30*a* 1 Ne. 15:23–24.
31*a* Mat. 7:13.
32*a* 1 Ne. 15:26–29.
33*a* GBK Usigin, Pag-uusig.
34*a* Ex. 23:2.
35*a* 1 Ne. 8:17–18; 2 Ne. 5:19–24.
37*a* GBK Mag-anak; Magulang, Mga.

nginoon; at huminto siya sa pagsasalita sa kanila.

## KABANATA 9

*Si Nephi ay gumawa ng dalawang uri ng talaan—Bawat isa ay tinawag na mga lamina ni Nephi—Ang malalaking lamina ay naglalaman ng kanilang kasaysayan; ang maliliit naman ang higit sa lahat ay tumatalakay sa mga bagay na banal. Mga 600–592 B.C.*

At ang lahat ng bagay na ito ay
nakita ng aking ama, at narinig,
at sinabi, habang naninirahan
siya sa isang tolda, sa [a]lambak
ng Lemuel, at maraming-mara-
mi pa ring bagay, na hindi maa-
aring isulat sa mga laminang ito.
2 At ngayon, tulad ng sinabi
ko hinggil sa mga laminang ito,
masdan, hindi yaon ang mga
laminang ginawan ko ng buong
ulat ng kasaysayan ng aking
mga tao; sapagkat ang mga [a]la-
minang ginawan ko ng buong
ulat ng aking mga tao ay binig-
yan ko ng pangalang Nephi;
kaya nga, tinatawag ang mga
yaon na mga lamina ni Nephi,
alinsunod sa aking pangalan;
at tinatawag din ang mga la-
minang ito na mga lamina ni
Nephi.
3 Gayunman, nakatanggap ako
ng kautusan mula sa Panginoon
na dapat kong gawin ang mga
laminang ito, para sa natata-
nging [a]layunin na magkaroon
ng isang ulat na nakaukit hing-
gil sa mga [b]ministeryo ng aking
mga tao.
4 Sa iba pang mga lamina ay
dapat maukit ang ulat ng pag-
hahari ng mga hari, at ang mga
digmaan at alitan ng aking mga
tao; anupa't ang mga laminang
ito ay para sa higit pang bahagi
ng ministeryo; at ang [a]iba pang
mga lamina ay para sa higit
pang bahagi ng paghahari ng
mga hari at ng mga digmaan at
alitan ng aking mga tao.
5 Samakatwid, inutusan ako
ng Panginoong gawin ang mga
laminang ito para sa isang [a]ma-
talinong layunin sa kanya, na
kung anong layunin ay hindi
ko alam.
6 Subalit [a]nalalaman ng Pa-
nginoon ang lahat ng bagay
mula sa simula; kaya nga, nag-
hahanda siya ng paraan upang
maisakatuparan ang lahat ng
kanyang gawain sa mga anak
ng tao; sapagkat masdan, tag-
lay niya ang lahat ng [b]kapang-
yarihan para sa katuparan ng
lahat ng kanyang salita. At ga-
yon nga ito. Amen.

## KABANATA 10

*Ibinadya ni Lehi ang pagkabihag ng mga Judio ng mga taga-Babilonia—Sinabi niya ang hinggil*

**9** 1*a* 1 Ne. 2:4–6, 8, 14–15; 16:6.
2*a* 1 Ne. 19:2, 4; Jac. 3:13–14; S ni M 1:2–11; D at T 10:38–40. GBK Lamina, Mga.
3*a* D at T 3:19.
*b* 1 Ne. 6:3.
4*a* Jac. 1:2–4; S ni M 1:10.
5*a* 1 Ne. 19:3; S ni M 1:7; Alma 37:2, 12, 14.
6*a* 2 Ne. 9:20; D at T 38:2; Moi. 1:6, 35.
*b* Mat. 28:18.

*sa pagdating sa mga Judio ng isang Mesiyas, isang Tagapagligtas, isang Manunubos—Sinabi rin ni Lehi ang hinggil sa pagdating ng isang tao na siyang magbibinyag sa Kordero ng Diyos—Sinabi ni Lehi ang hinggil sa kamatayan at pagkabuhay na maguli ng Mesiyas—Inihalintulad niya ang pagkakalat at pagkakatipon ng Israel sa isang punong olibo—Si Nephi ay nangusap hinggil sa Anak ng Diyos, sa kaloob na Espiritu Santo, at sa pangangailangan para sa kabutihan. Mga 600–592* B.C.

At ngayon ako, si Nephi, ay
magpapatuloy na magbigay ng
ulat sa mga laminang [a]ito hing-
gil sa aking mga hakbangin, at
aking panunungkulan at minis-
teryo; samakatwid, upang mag-
patuloy sa aking sariling ulat,
kinakailangang mangusap ako
kahit paano ng mga bagay
hinggil sa aking ama, at hinggil
din sa aking mga kapatid.
2 Sapagkat masdan, ito ay
nangyari na, na matapos humin-
to ang aking ama sa pagsasalay-
say ng mga salita ng kanyang
[a]panaginip, at pagpapayo rin sa
kanila sa pagsusumigasig, na-
ngusap din siya sa kanila hing-
gil sa mga Judio—
3 Na matapos silang malipol,
maging yaong dakilang lunsod
ng [a]Jerusalem, at marami ang
[b]madadalang bihag sa [c]Babilon-
ia, alinsunod sa sariling takdang
panahon ng Panginoon, sila ay
muling [d]magbabalik, oo, maging
sa panunumbalik nila sa kala-
yaan mula sa pagkabihag; at
matapos mapanumbalik sila sa
kalayaan mula sa pagkabihag
ay muli nilang aangkinin ang
lupaing kanilang mana.
4 Oo, maging [a]anim na raang
taon mula nang lisanin ng aking
ama ang Jerusalem, isang [b]pro-
peta ang ibabangon ng Pangino-
ong Diyos sa mga Judio—ma-
ging isang [c]Mesiyas, o, sa ibang
salita, isang Tagapagligtas ng
sanlibutan.
5 At nangusap din siya hing-
gil sa mga propeta, na napaka-
laking bilang ang [a]nagpatotoo
sa mga bagay na ito, hinggil sa
Mesiyas na ito, na kanyang na-
banggit, o itong Manunubos ng
sanlibutan.
6 Samakatwid, ang buong
sangkatauhan ay nasa ligaw at
[a]nahulog na kalagayan, at mali-
ligtas lamang kung sila ay aasa
sa Manunubos na ito.
7 At nangusap din siya hinggil
sa isang [a]propetang darating
bago ang Mesiyas, na siyang
maghahanda ng daan para sa
Panginoon—
8 Oo, maging siya man ay
magtutungo at mangangaral sa

**10** 1*a* 1 Ne. 9:1–5; 19:1–6; Jac. 1:1–4.
2*a* 1 Ne. 8.
3*a* Est. 2:6; 2 Ne. 6:8; Hel. 8:20–21.
*b* 2 Ne. 25:10. GBK Cronolohiya—587 B.C.
*c* Ez. 24:2; 1 Ne. 1:13; Omni 1:15.
*d* Jer. 29:10; 2 Ne. 6:8–9.
4*a* 1 Ne. 19:8; 2 Ne. 25:19; 3 Ne. 1:1.
*b* 1 Ne. 22:20–21.
*c* GBK Mesiyas.
5*a* Jac. 7:11; Mos. 13:33; Hel. 8:19–24; 3 Ne. 20:23–24.
6*a* GBK Pagkahulog nina Adan at Eva.
7*a* 1 Ne. 11:27; 2 Ne. 31:4.

ilang: [a]Ihanda ninyo ang daan
ng Panginoon, tuwirin ninyo
ang kanyang mga landas; sa-
pagkat may isang nakatayo sa
inyo na hindi ninyo nakikilala;
at higit siyang makapangyari-
han kaysa akin, na kung kani-
nong panali ng pangyapak ay
hindi ako karapat-dapat na mag-
kalas. At marami pang sinabi
ang aking ama hinggil sa bagay
na ito.
9 At sinabi ng aking ama na
siya ay magbibinyag sa [a]Betaba-
ra, sa kabila ng Jordan; at sinabi
rin niya na siya ay magbibinyag
sa pamamagitan ng [b]tubig; ma-
ging ang Mesiyas ay bibinyagan
niya sa tubig.
10 At matapos niyang mabin-
yagan sa pamamagitan ng tubig
ang Mesiyas, kanyang mama-
masdan at patototohanang na-
binyagan niya ang [a]Kordero ng
Diyos, na siyang mag-aalis ng
mga kasalanan ng sanlibutan.
11 At ito ay nangyari na, na
matapos sabihin ng aking ama
ang mga salitang ito siya ay na-
ngusap sa aking mga kapatid
hinggil sa ebanghelyong ipa-
ngangaral sa mga Judio, at hing-
gil din sa [a]panghihina ng mga
Judio sa [b]kawalang-paniniwala.
At matapos nilang [c]patayin ang
Mesiyas, na paparito, at mata-
pos siyang patayin siya ay [d]ba-
bangon mula sa patay, at ipaki-
kilala niya ang kanyang sarili,
sa pamamagitan ng [e]Espiritu
Santo, sa mga Gentil.
12 Oo, maging ang aking ama
ay maraming sinabi hinggil sa
mga Gentil, at hinggil din sa
sambahayan ni Israel, na sila ay
ihahalintulad sa isang punong
[a]olibo, na babaliin ang mga sa-
nga at [b]ikakalat sa lahat ng dako
ng mundo.
13 Anupa't sinabi niya na ta-
lagang kinakailangang akayin
tayo nang sama-sama sa [a]lu-
pang pangako, tungo sa ikatu-
tupad ng salita ng Panginoon,
na tayo ay ikakalat sa lahat ng
dako ng mundo.
14 At matapos na ikalat ang
sambahayan ni Israel, sila ay
muling sama-samang [a]titipunin;
o, sa lalong maliwanag, mata-
pos matanggap ng mga [b]Gentil
ang kabuuan ng Ebanghelyo,
ang mga likas na sanga ng pu-
nong [c]olibo, o ang mga labi ng
sambahayan ni Israel, ay ihu-
hugpong, o darating sa kaala-
man ng tunay na Mesiyas, na
kanilang Panginoon at kani-
lang Manunubos.
15 At sa ganitong pamamaraan
ng pananalita ang aking ama
ay nagpropesiya at nangusap

8*a* Is. 40:3; Mat. 3:1–3.
9*a* Juan 1:28.
*b* GBK Juan Bautista.
10*a* GBK Kordero ng Diyos.
11*a* Jac. 4:14–18.
*b* Morm. 5:14.
*c* GBK Jesucristo; Pagpapako sa Krus.
*d* GBK Pagkabuhay na Mag-uli.
*e* GBK Espiritu Santo.
12*a* Gen. 49:22–26; 1 Ne. 15:12; 2 Ne. 3:4–5; Jac. 5; 6:1–7. GBK Puno ng Olibo; Ubasan ng Panginoon.
*b* 1 Ne. 22:3–8. GBK Israel—Ang pagkalat ng Israel.
13*a* 1 Ne. 2:20. GBK Lupang Pangako.
14*a* GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
*b* 1 Ne. 13:42; D at T 14:10.
*c* Jac. 5:8, 52, 54, 60, 68.

sa aking mga kapatid, at marami pa ring bagay na hindi ko isinulat sa aklat na ito; sapagkat isinulat ko ang marami sa mga yaong inaakala kong kapaki-pakinabang sa [a]isa ko pang aklat.

16 At ang lahat ng bagay na ito, na aking sinabi, ay ginawa ko habang naninirahan sa isang tolda ang aking ama, sa lambak ng Lemuel.

17 At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, matapos na marinig ang lahat ng [a]salita ng aking ama, hinggil sa mga bagay na nakita niya sa [b]pangitain, at yaon ding mga bagay na sinabi niya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, isang kapangyarihang natanggap niya sa pamamagitan ng pananampalataya sa Anak ng Diyos—at ang Anak ng Diyos ang [c]Mesiyas na paparito—ako, si Nephi, ay nagnais ding aking makita, at marinig, at malaman ang mga bagay na ito, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, na siyang [d]kaloob ng Diyos sa lahat ng yaong [e]masisigasig na humahanap sa kanya, kapwa sa [f]sinaunang panahon at maging sa panahong ipakikita niya ang kanyang sarili sa mga anak ng tao.

18 Sapagkat siya [a]rin ang kahapon, ngayon, at magpakailanman; at ang daan ay nakahanda para sa lahat ng tao mula pa sa pagkakatatag ng daigdig, kung sakali mang sila ay magsisisi at lalapit sa kanya.

19 Sapagkat siya na naghahanap nang masigasig ay makasusumpong; at ang mga [a]hiwaga ng Diyos ay ilalahad sa kanila, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng [b]Espiritu Santo, kapwa sa panahong ito at sa sinaunang panahon, at kapwa sa sinaunang panahon at sa panahong darating; anupa't ang [c]hakbangin ng Panginoon ay isang walang hanggang pag-ikot.

20 Samakatwid tandaan, O tao, sapagkat sa lahat ng inyong gagawin kayo ay dadalhin sa [a]paghahatol.

21 Anupa't kung hinangad ninyong gumawa ng kasamaan sa mga araw ng inyong [a]pagsubok, sa gayon matatagpuan kayong [b]marurumi sa harapan ng hukumang-luklukan ng Diyos; at walang maruming bagay ang makapananahanang kasama ng Diyos; kaya nga, tiyak na kayo ay itatakwil magpakailanman.

22 At ang Espiritu Santo ang nagbibigay ng kapangyarihan na sabihin ko ang mga bagay na ito, at huwag ipagkait ang mga bagay na yaon.

15*a* 1 Ne. 1:16–17.
17*a* Enos 1:3; Alma 36:17.
*b* 1 Ne. 8:2.
*c* GBK Mesiyas.
*d* GBK Espiritu Santo.
*e* Moro. 10:4–5, 7, 19.
*f* D at T 20:26.
18*a* Heb. 13:8; Morm. 9:9; D at T 20:12. GBK Diyos, Panguluhang Diyos.
19*a* GBK Hiwaga ng Diyos, Mga.
*b* GBK Espiritu Santo.
*c* Alma 7:20; D at T 3:2; 35:1.
20*a* Ec. 12:14; 2 Ne. 9:46. GBK Paghuhukom, Ang Huling.
21*a* Alma 34:32–35.
*b* 1 Cor. 6:9–10; 3 Ne. 27:19; D at T 76:50–62; Moi. 6:57.

## KABANATA 11

*Nakita ni Nephi ang Espiritu ng Panginoon at pinakitaan ng pangitain ng punungkahoy ng buhay—Nakita niya ang ina ng Anak ng Diyos at nalaman ang pagpapakababa ng Diyos—Nakita niya ang pagbibinyag, ministeryo, at pagkakapako sa krus ng Kordero ng Diyos—Nakita rin niya ang pagtawag at ministeryo ng Labindalawang Apostol ng Kordero. Mga 600–592 B.C.*

SAPAGKAT ito ay nangyari na,
na matapos kong naising malaman ang mga bagay na nakita ng aking ama, at naniniwala na ang Panginoon ay magagawang ipaalam sa akin ang mga bagay na yaon, habang nakaupo akong [a]nagbubulay-bulay sa aking puso ay [b]napasa-Espiritu ako ng Panginoon, oo, sa isang napakataas na [c]bundok, na kailanman ay hindi ko pa nakikita, at kailanman ay hindi ko pa naiyayapak ang aking mga paa.
2 At sinabi sa akin ng Espiritu:
Masdan, ano ang ninanais mo?
3 At tumugon ako: Nais kong
mamasdan ang mga bagay na [a]nakita ng aking ama.
4 At sinabi sa akin ng Espiritu:
Naniniwala ka bang nakita ng iyong ama ang [a]punungkahoy na kanyang sinabi?
5 At sinabi ko: Oo, nalalaman
mong [a]naniniwala ako sa lahat ng salita ng aking ama.
6 At nang sabihin ko ang mga
salitang ito, ang Espiritu ay sumigaw sa malakas na tinig, sinasabing: Hosana sa Panginoon, ang kataas-taasang Diyos; sapagkat siya ang Diyos ng buong [a]mundo, oo, maging higit sa lahat. At pinagpala ka, Nephi, sapagkat [b]naniniwala ka sa Anak ng kataas-taasang Diyos; kaya nga, mamamasdan mo ang mga bagay na ninanais mo.
7 At masdan, ang bagay na ito
ay ibibigay sa iyo bilang isang [a]palatandaan, na matapos mong mamasdan ang punungkahoy na namumunga ng bungang natikman ng iyong ama, mamamasdan mo rin ang isang lalaking bumababa mula sa langit, at makikita mo siya; at matapos mong makita siya ay [b]patotohanan mo na siya ang Anak ng Diyos.
8 At ito ay nangyari na, na si-
nabi sa akin ng Espiritu: Tingnan! At tumingin ako at namasdan ang punungkahoy; at ito ay nahahalintulad sa [a]punungkahoy na nakita ng aking ama; at ubod ito ng ganda, oo, higit sa lahat ng kagandahan; at ang kaputian nito ay higit pa sa [b]kaputian ng niyebe.
9 At ito ay nangyari na, na ma-
tapos kong makita ang punung-

**11** 1*a* D at T 76:19.
GBK Pagbulay-bulay.
*b* 2 Cor. 12:1–4;
Apoc. 21:10;
2 Ne. 4:25;
Moi. 1:1.
*c* Deut. 10:1; Eter 3:1.
3*a* 1 Ne. 8:2–34.
4*a* 1 Ne. 8:10–12;
15:21–22.
5*a* 1 Ne. 2:16.
6*a* Ex. 9:29;
2 Ne. 29:7;
3 Ne. 11:14;
Moi. 6:44.
*b* GBK Paniniwala,
Maniwala.
7*a* GBK Palatandaan.
*b* GBK Patotoo.
8*a* 1 Ne. 8:10.
*b* 1 Ne. 8:11.

kahoy, sinabi ko sa Espiritu:
Namasdan kong ipinakita mo
sa akin ang punungkahoy na
[a]pinakamahalaga sa lahat.
10 At sinabi niya sa akin: Ano
ang ninanais mo?
11 At sinabi ko sa kanya: Ang
malaman ang [a]kahulugan nito—
sapagkat nakipag-usap ako sa
kanya tulad ng pakikipag-usap
sa isang tao; sapagkat namas-
dan ko na siya ay nasa [b]anyo ng
isang tao; subalit gayon pa man,
alam ko na ito ang Espiritu ng
Panginoon; at nakipag-usap siya
sa akin tulad ng pakikipag-usap
ng isang tao sa iba.
12 At ito ay nangyari na, na si-
nabi niya sa akin: Tingnan! At
tumingin ako na sa wari ay ti-
tingin sa kanya, at hindi ko siya
nakita; sapagkat lumisan siya
mula sa aking harapan.
13 At ito ay nangyari na, na
tumingin ako at namasdan ang
dakilang lunsod ng Jerusalem,
at iba pang mga lunsod. At na-
masdan ko ang lunsod ng Na-
zaret; at sa lunsod ng [a]Nazaret
ay namasdan ko ang isang [b]bir-
hen, at siya ay napakaganda at
napakaputi.
14 At ito ay nangyari na, na na-
kita kong bumukas ang [a]kalangi-
tan; at isang anghel ang bumaba
at tumayo sa aking harapan; at
sinabi niya sa akin: Nephi, ano
ang namamasdan mo?
15 At sinabi ko sa kanya: Isang
birhen, pinakamaganda at ka-
akit-akit sa lahat ng iba pang
birhen.
16 At sinabi niya sa akin: Na-
lalaman mo ba ang pagpapaka-
baba ng Diyos?
17 At sinabi ko sa kanya: Alam
kong mahal niya ang kanyang
mga anak; gayon pa man, hindi
ko nalalaman ang ibig sabihin
ng lahat ng bagay.
18 At sinabi niya sa akin: Mas-
dan, ang [a]birheng iyong naki-
kita ang [b]ina ng Anak ng Diyos,
ayon sa laman.
19 At ito ay nangyari na, na
namasdan ko na siya ay na-
tangay sa Espiritu; at matapos
siyang matangay sa [a]Espiritu
ng ilang panahon, nangusap sa
akin ang anghel, sinasabing:
Tingnan!
20 At tumingin ako at namas-
dang muli ang birhen, may da-
lang isang [a]bata sa kanyang mga
bisig.
21 At sinabi sa akin ng anghel:
Masdan ang [a]Kordero ng Diyos,
oo, maging ang [b]Anak ng Wa-
lang Hanggang [c]Ama! Nalala-
man mo na ba ang kahulugan
ng [d]punungkahoy na nakita ng
iyong ama?
22 At tinugon ko siya, sinasa-
bing: Oo, ito ang [a]pag-ibig ng
Diyos, na laganap sa mga puso
ng mga anak ng tao; anupa't ito

9*a* 1 Ne. 11:22–25.
11*a* Gen. 40:8.
*b* Eter 3:15–16.
13*a* Mat. 2:23.
*b* Lu. 1:26–27; Alma 7:10. GBK Maria, Ina ni Jesus.
14*a* Ez. 1:1; 1 Ne. 1:8.
18*a* Is. 7:14; Lu. 1:34–35.
*b* Mos. 3:8.
19*a* Mat. 1:20.
20*a* Lu. 2:16.
21*a* GBK Kordero ng Diyos.
*b* GBK Jesucristo.
*c* GBK Diyos, Panguluhang Diyos—Diyos Ama.
*d* 1 Ne. 8:10; Alma 5:62. GBK Punungkahoy ng Buhay.
22*a* GBK Pagmamahal.

ang pinakakanais-nais sa lahat
ng bagay.
23 At nangusap siya sa akin,
sinasabing: Oo, at ang labis na
[a]nakalulugod sa kaluluwa.
24 At matapos niyang sabihin
ang mga salitang ito, sinabi
niya sa akin: Tingnan! At tu-
mingin ako, at namasdan ko ang
Anak ng Diyos na [a]nakikisa-
lamuha sa mga anak ng tao; at
nakita kong marami ang nanga-
luhod sa kanyang paanan at
sinamba siya.
25 At ito ay nangyari na, na
namasdan ko na ang [a]gabay na
bakal, na nakita ng aking ama,
ay salita ng Diyos, na nagbibi-
gay-daan patungo sa bukal ng
mga [b]buhay na tubig, o sa [c]pu-
nungkahoy ng buhay; kung
aling mga tubig ay sumasagisag
sa pag-ibig ng Diyos; at namas-
dan ko rin na ang punungkahoy
ng buhay ay sumasagisag sa
pag-ibig ng Diyos.
26 At muling sinabi sa akin ng
anghel: Tingnan at masdan ang
[a]pagpapakababa ng Diyos!
27 At tumingin ako at [a]namas-
dan ang Manunubos ng san-
libutan, na siyang sinabi ng
aking ama; at namasdan ko rin
ang [b]propetang maghahanda
ng daan para sa kanya. At ang
Kordero ng Diyos ay humayo
at [c]nagpabinyag sa kanya; at
matapos siyang mabinyagan,
namasdan kong bumukas ang
kalangitan, at bumaba na tulad
sa isang [d]kalapati ang Espiritu
Santo mula sa langit at tuma-
han sa kanya.
28 At namasdan kong humayo
siyang nangangaral sa mga tao,
sa [a]kapangyarihan at dakilang
kaluwalhatian; at sama-samang
nagtipon ang maraming tao
upang marinig siya; at namas-
dan kong ipinagtabuyan siya
mula sa kanila.
29 At namasdan ko rin ang
iba pang [a]labindalawa na su-
musunod sa kanya. At ito ay
nangyari na, na sila ay nata-
ngay sa Espiritu mula sa aking
harapan, at hindi ko na sila
nakita.
30 At ito ay nangyari na, na
muling nangusap sa akin ang
anghel, sinasabing: Tingnan! At
tumingin ako, at namasdan ko
na muling bumukas ang kala-
ngitan, at nakita kong bumaba-
ba ang mga [a]anghel sa mga anak
ng tao; at sila ay naglingkod sa
kanila.
31 At muli siyang nangusap
sa akin, sinasabing: Tingnan! At
tumingin ako, at namasdan ko
ang Kordero ng Diyos na naki-
kisalamuha sa mga anak ng tao.
At namasdan ko ang maraming
tao na may karamdaman, at ya-
ong mga naghihirap sa lahat ng
uri ng sakit, at nasasapian ng

23*a* GBK Kagalakan.
24*a* Lu. 4:14–21.
25*a* 1 Ne. 8:19.
*b* GBK Buhay na Tubig.
*c* Gen. 2:9; Alma 32:40–41; Moi. 4:28, 31.
26*a* 1 Ne. 11:16–33.
27*a* 2 Ne. 25:13.
*b* Mat. 11:10; 1 Ne. 10:7–10; 2 Ne. 31:4.
*c* GBK Pagbibinyag, Binyagan.
*d* GBK Kalapati, Tanda ng.
28*a* D at T 138:25–26.
29*a* GBK Apostol.
30*a* GBK Anghel, Mga.

mga [a]diyablo at [b]masasamang
espiritu; at nangusap ang ang-
hel at ipinakita ang lahat ng
bagay na ito sa akin. At [c]pina-
galing sila sa pamamagitan ng
kapangyarihan ng Kordero ng
Diyos; at pinalayas ang mga
diyablo at ang masasamang es-
piritu.
32 At ito ay nangyari na, na
muling nangusap sa akin ang
anghel, sinasabing: Tingnan! At
tumingin ako at namasdan ang
Kordero ng Diyos, na dinakip
siya ng mga tao; oo, ang Anak
ng Diyos na walang hanggan ay
[a]hinatulan ng sanlibutan; at na-
kita ko ito at pinatototohanan.
33 At ako, si Nephi, ay naki-
tang itinaas siya sa [a]krus at [b]pi-
natay para sa mga kasalanan ng
sanlibutan.
34 At matapos siyang pata-
yin ay nakita ko ang maraming
tao ng mundo, na sama-samang
nagtipon sila upang kalabanin
ang mga apostol ng Kordero;
sapagkat sa gayon tinawag ng
anghel ng Panginoon ang la-
bindalawa.
35 At sama-samang nagtipon
ang maraming tao ng mundo; at
namasdan ko na sila ay nasa
malaki at maluwang na [a]gusali,
tulad ng gusaling nakita ng aking
ama. At muling nangusap ang
anghel ng Panginoon sa akin,
sinasabing: Masdan ang sanli-
butan at ang karunungan nito;
oo, masdan ang sambahayan ni
Israel na sama-samang nagtipon
upang kalabanin ang labinda-
lawang apostol ng Kordero.
36 At ito ay nangyari na, na
nakita ko at pinatototohanan,
na ang malaki at maluwang na
gusali ang [a]kapalaluan ng san-
libutan; at bumagsak ito, at ang
pagkakabagsak nito ay napaka-
lakas. At muling nangusap ang
anghel ng Panginoon sa akin, si-
nasabing: Gayon ang magiging
pagkawasak ng lahat ng bansa,
lahi, wika, at tao, na kakala-
ban sa labindalawang apostol
ng Kordero.

## KABANATA 12

*Nakita ni Nephi sa pangitain ang lupang pangako; ang kabutihan, kasamaan, at pagbagsak ng mga naninirahan dito; ang pagparoon ng Kordero ng Diyos sa kanila; kung paano hahatulan ng Labindalawang Disipulo at ng Labindalawang Apostol ang Israel; at ang nakaririmarim at maruming kalagayan ng mga yaong nanghina sa kawalang-paniniwala. Mga 600–592 B.C.*

At ito ay nangyari na, na sinabi
sa akin ng anghel: Tingnan, at
masdan ang iyong mga binhi, at
gayon din ang mga binhi ng
iyong mga kapatid. At tumingin
ako at namasdan ang [a]lupang

31*a* Mar. 5:15–20; Mos. 3:5–7. GBK Diyablo.
*b* GBK Espiritu—Masasamang espiritu.
*c* GBK Pinagaling, Pagpapagaling.
32*a* Mar. 15:17–20.
33*a* Juan 19:16–19; Mos. 3:9–10; 3 Ne. 27:14. GBK Krus.
*b* GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala.
35*a* 1 Ne. 8:26; 12:18.
36*a* GBK Kapalaluan.
**12** 1*a* GBK Lupang Pangako.

pangako; at nakamalas ako ng maraming tao, oo, maging ito ay kasindami ng buhangin sa dagat.
2 At ito ay nangyari na, na namasdan kong sama-samang nagtipon ang maraming tao upang makidigma, ang isa laban sa isa; at nakamalas ako ng mga [a]digmaan, at alingawngaw ng mga digmaan, at malawakang pagkakatay sa pamamagitan ng espada sa aking mga tao.
3 At ito ay nangyari na, na namasdan kong lumipas ang maraming salinlahi, ayon sa mga digmaan at alitan sa lupain; at namasdan ko ang maraming lunsod, oo, maging hindi ko na mabilang ang mga yaon.
4 At ito ay nangyari na, na nakakita ako ng [a]abu-abo ng [b]kadiliman sa ibabaw ng lupang pangako; at nakakita ako ng mga pagkidlat, at nakarinig ako ng mga pagkulog, at paglindol, at lahat ng uri ng malalakas na ingay; at nakita ko ang lupa at ang mga naglalakihang bato, na nabiyak ang mga yaon; at nakita ko ang mga bundok na nangaguho at nagkapira-piraso; at nakita ko ang mga kapatagan ng lupa, na nagbitakan ang mga yaon, at nakita ko ang maraming lunsod na [c]nagsilubog ang mga yaon; at nakita ko ang marami na ang mga yaon ay nangasunog ng apoy; at marami akong nakitang nangagbuwalan sa lupa, dahil sa mga pagyanig nito.
5 At ito ay nangyari na, na matapos kong makita ang mga bagay na ito, nakita ko ang [a]ulap ng kadiliman, na ito ay nawala sa balat ng lupa; at masdan, nakita ko ang maraming tao na hindi nalipol dahil sa dakila at kakila-kilabot na paghuhukom ng Panginoon.
6 At nakita kong bumukas ang kalangitan, at ang [a]Kordero ng Diyos na bumababa mula sa langit; at bumaba siya at ipinakita ang kanyang sarili sa kanila.
7 At nakita ko rin at pinatototohanan na ang Espiritu Santo ay [a]napasalabindalawang iba pa; at sila ay inordenan ng Diyos, at pinili.
8 At nangusap ang anghel sa akin, sinasabing: Masdan ang labindalawang disipulo ng Kordero, yaong mga piniling maglingkod sa iyong mga binhi.
9 At sinabi niya sa akin: Naaalaala mo pa ba ang [a]labindalawang apostol ng Kordero? Masdan, sila ang mga yaong [b]hahatol sa labindalawang lipi ng Israel; anupa't ang labindalawang tagapaglingkod sa iyong mga binhi ay hahatulan nila; sapagkat kayo ay kabilang sa sambahayan ni Israel.
10 At ang [a]labindalawang ta-

2*a* Enos 1:24; Morm. 8:7–8. GBK Digmaan.
4*a* Hel. 14:20–28.
*b* 1 Ne. 19:10.
*c* 3 Ne. 8:14.
5*a* 3 Ne. 8:20; 10:9.
6*a* 2 Ne. 26:1, 9; 3 Ne. 11:3–17.
7*a* 3 Ne. 12:1; 19:12–13.
9*a* Lu. 6:13.
*b* Mat. 19:28; D at T 29:12. GBK Paghuhukom, Ang Huling.
10*a* 3 Ne. 27:27; Morm. 3:18–19.

gapaglingkod na iyong namamasdan ang siyang hahatol sa iyong mga binhi. At, masdan, sila ay mabubuti magpakailanman; sapagkat dahil sa kanilang pananampalataya sa Kordero ng Diyos ang kanilang mga [b]kasuotan ay ginawang puti ng kanyang dugo.
11 At sinabi sa akin ng anghel:
Tingnan! At ako ay tumingin,
at namasdan na [a]tatlong salinlahi ang pumanaw sa kabutihan; at ang kanilang mga kasuotan ay puti maging tulad ng sa Kordero ng Diyos. At sinabi sa akin ng anghel: Ang mga ito ay ginawang puti sa pamamagitan ng dugo ng Kordero, dahil sa kanilang pananampalataya sa kanya.
12 At ako, si Nephi, ay nakita
rin na marami sa [a]ikaapat na salinlahi ang pumanaw sa kabutihan.
13 At ito ay nangyari na, na
nakita ko ang maraming tao ng mundo na sama-samang nagtipon.
14 At sinabi ng anghel sa akin:
Masdan ang iyong mga binhi, at gayon din ang mga binhi ng iyong mga kapatid.
15 At ito ay nangyari na, na ako
ay tumingin at namasdan ang mga tao ng aking mga binhi na sama-samang nagtipon sa maraming pangkat [a]laban sa mga binhi ng aking mga kapatid; at sila ay sama-samang nagtipon upang makidigma.
16 At nangusap ang anghel sa
akin, sinasabing: Masdan ang bukal ng [a]maruming tubig na nakita ng iyong ama; oo, maging ang [b]ilog na kanyang sinabi; at ang kailaliman nito ay kailaliman ng [c]impiyerno.
17 At ang [a]abu-abo ng kadili-
man ay mga tukso ng diyablo, na [b]bumubulag sa mga mata, at nagpapatigas sa mga puso ng mga anak ng tao, na umaakay sa kanila palayo patungo sa [c]maluluwang na lansangan, kaya sila nasasawi at naliligaw.
18 At ang malaki at maluwang
na [a]gusali, na nakita ng iyong ama, ay mga walang kabuluhang [b]guni-guni at ang [c]kapalaluan ng mga anak ng tao. At isang malalim at kakila-kilabot na [d]look ang naghihiwalay sa kanila; oo, maging ang salita ng [e]katarungan ng Diyos na Walang Hanggan, at ang Mesiyas na Kordero ng Diyos, na pinatototohanan ng Espiritu Santo, mula pa sa simula ng daigdig hanggang sa panahong ito, at mula sa panahong ito at magpakailanman.

10*b* Apoc. 7:14; Alma 5:21–27; 13:11–13; 3 Ne. 27:19–20.
11*a* 2 Ne. 26:9–10; 3 Ne. 27:30–32.
12*a* Alma 45:10–12; Hel. 13:5, 9–10; 3 Ne. 27:32; 4 Ne. 1:14–27.
15*a* Morm. 6.
16*a* GBK Marumi, Karumihan.
*b* 1 Ne. 8:13; 15:26–29.
*c* GBK Impiyerno.
17*a* 1 Ne. 8:23; 15:24; D at T 10:20–32.
*b* GBK Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan.
*c* Mat. 7:13–14.
18*a* 1 Ne. 8:26; 11:35–36.
*b* Jer. 7:24.
*c* GBK Kapalaluan.
*d* Lu. 16:26; 1 Ne. 15:28–30.
*e* GBK Katarungan.

19 At habang sinasabi ng anghel ang mga salitang ito, namasdan ko at nakita na ang mga binhi ng aking mga kapatid ay nakipaglaban sa aking mga binhi, alinsunod sa salita ng anghel; at dahil sa kapalaluan ng aking mga binhi, at sa mga [a]tukso ng diyablo, namasdan kong [b]nadaig ng mga binhi ng aking mga kapatid ang mga tao ng aking mga binhi.
20 At ito ay nangyari na, na namasdan ko, at nakita na ang mga tao ng mga binhi ng aking mga kapatid ay nadaig ang aking mga binhi; at maramihan silang kumalat sa ibabaw ng lupain.
21 At nakita ko silang samasamang nagtipon sa maraming tao; at nakita ko ang mga [a]digmaan at alingawngaw ng mga digmaan sa kanila; at sa mga digmaan at alingawngaw ng mga digmaan ay nakita ko ang paglipas ng maraming salinlahi.
22 At sinabi sa akin ng anghel: Masdan, sila ay [a]manghihina sa kawalang-paniniwala.
23 At ito ay nangyari na, na aking namasdan, na matapos silang manghina sa kawalang-paniniwala sila ay naging [a]maiitim, at karima-rimarim, at [b]maruruming tao, puno ng [c]katamaran at lahat ng uri ng karumal-dumal na gawain.

## KABANATA 13

*Nakita ni Nephi sa pangitain ang pagkakatatag ng simbahan ng diyablo sa mga Gentil, ang pagkakatuklas at pananakop sa Amerika, ang pagkawala ng maraming malinaw at mahahalagang bahagi ng Biblia, ang kalagayang ibinunga ng lubusang pagtalikod sa katotohanan ng mga Gentil, ang panunumbalik ng ebanghelyo, ang paglitaw ng banal na kasulatan ng huling araw, at ang pagtatatag ng Sion. Mga 600–592 B.C.*

AT ito ay nangyari na, na nangusap ang anghel sa akin, sinasabing: Tingnan! At tumingin ako at namasdan ang maraming bansa at kaharian.
2 At sinabi ng anghel sa akin: Ano ang namamasdan mo? At aking sinabi: Namamasdan ko ang maraming bansa at kaharian.
3 At sinabi niya sa akin: Ito ang mga bansa at kaharian ng mga Gentil.
4 At ito ay nangyari na, na nakita ko sa mga bansa ng mga [a]Gentil ang pagbubuo ng isang [b]makapangyarihang simbahan.
5 At sinabi ng anghel sa akin: Masdan ang pagbubuo ng isang simbahan na pinakakarumal-dumal sa lahat ng ibang simbahan, na [a]pumapatay sa mga banal ng Diyos, oo, at nagpapahirap sa kanila at nang-

19*a* GBK Tukso, Panunukso.
*b* Jar. 1:10; S ni M 1:1–2.
21*a* Morm. 8:8; Moro. 1:2. GBK Digmaan.
22*a* 1 Ne. 15:13; 2 Ne. 26:15.
23*a* 2 Ne. 26:33.
*b* 2 Ne. 5:20–25.
*c* GBK Tamad, Katamaran.
**13** 4*a* GBK Gentil, Mga.
*b* 1 Ne. 13:26, 34; 14:3, 9–17.
5*a* Apoc. 17:3–6; 1 Ne. 14:13.

gagapos sa kanila, at siningka-
wan sila ng [b]singkaw na bakal,
at hinihila sila tungo sa pagka-
bihag.
6 At ito ay nangyari na, na na-
masdan ko itong [a]makapangya-
rihan at karumal-dumal na sim-
bahan; at nakita ko ang [b]diyablo
na siya ang nagtatag nito.
7 At nakakita rin ako ng [a]ginto,
at pilak, at mga sutla, at mati-
tingkad na pula, at maiinam na
hinabing lino, at lahat ng uri ng
mamahaling kasuotan; at naka-
kita ako ng maraming patutot.
8 At nangusap ang anghel sa
akin, sinasabing: Masdan, ang
ginto, at ang pilak, at ang mga
sutla, at ang matitingkad na
pula, at ang maiinam na hina-
bing lino, at ang mamahaling
kasuotan, at ang mga patutot,
ang mga [a]naisin ng makapang-
yarihan at karumal-dumal na
simbahang ito.
9 At dahil din sa papuri ng
sanlibutan ay kanilang [a]nililipol
ang mga banal ng Diyos, at hi-
nihila sila tungo sa pagkabihag.
10 At ito ay nangyari na, na
tumingin ako at namasdan ang
maraming tubig; at hinahati nito
ang mga Gentil mula sa mga
binhi ng aking mga kapatid.
11 At ito ay nangyari na, na si-
nabi sa akin ng anghel: Masdan,
ang poot ng Diyos ay napasa
mga binhi ng iyong mga kapa-
tid.
12 At tumingin ako at namas-
dan ang isang lalaki sa mga
Gentil, na nahihiwalay mula sa
mga binhi ng aking mga kapatid
ng maraming tubig; at namas-
dan ko ang [a]Espiritu ng Diyos,
na ito ay bumaba at binunsuran
ang lalaki; at naglayag siya sa
maraming tubig, maging hang-
gang sa makarating sa mga
binhi ng aking mga kapatid, na
nasa lupang pangako.
13 At ito ay nangyari na, na
namasdan ko ang Espiritu ng
Diyos, na ito ay nagbunsod sa
iba pang mga Gentil; at sila ay
tumakas mula sa pagkabihag,
sa maraming tubig.
14 At ito ay nangyari na, na na-
masdan ko ang [a]napakaraming
tao ng mga Gentil sa [b]lupang
pangako; at namasdan ko ang
poot ng Diyos, na ito ay napasa
mga binhi ng aking mga kapa-
tid; at [c]nakalat sila sa harapan
ng mga Gentil at binagabag.
15 At namasdan ko ang Espiri-
tu ng Panginoon, na ito ay napa-
sa mga Gentil, at sila ay umun-
lad at natamo nila ang [a]lupain
bilang kanilang mana; at na-
masdan ko na sila ay mapupu-
ti, at labis na kaakit-akit at [b]ma-
gaganda, tulad ng aking mga
tao bago sila [c]napatay.
16 At ito ay nangyari na, na
ako, si Nephi, ay namasdan na
ang mga Gentil na nagsitakas sa
pagkabihag ay nagpakumbaba

5*b* Jer. 28:10–14.
6*a* D at T 88:94. GBK Diyablo—Ang simbahan ng diyablo.
*b* 1 Ne. 22:22–23.
7*a* Morm. 8:36–38.
8*a* Apoc. 18:10–24; Morm. 8:35–38.
9*a* Apoc. 13:4–7.
12*a* GBK Inspirasyon.
14*a* 2 Ne. 1:11; Morm. 5:19–20.
*b* GBK Lupang Pangako.
*c* 1 Ne. 22:7–8. GBK Israel—Ang pagkalat ng Israel.
15*a* 2 Ne. 10:19.
*b* 2 Ne. 5:21.
*c* Morm. 6:17–22.

ng kanilang sarili sa harapan ng
Panginoon; at ang kapangyari-
han ng Panginoon ay [a]napasa-
kanila.
17 At namasdan kong sama-
samang nagtipon sa mga tubig
ang kanilang mga inang Gentil,
at gayon din sa lupain, upang
makidigma sa kanila.
18 At namasdan ko na ang ka-
pangyarihan ng Diyos ay nasa
kanila, at gayon din na ang
poot ng Diyos ay napasa mga
yaong sama-samang nagtipon
upang makidigma laban sa ka-
nila.
19 At ako, si Nephi, ay namas-
dan na ang mga Gentil na nag-
sitakas mula sa pagkabihag ay
[a]naligtas mula sa mga kamay
ng mga ibang bansa sa pama-
magitan ng kapangyarihan ng
Diyos.
20 At ito ay nangyari na, na
ako, si Nephi, ay namasdan na
sila ay umunlad sa lupain; at
namasdan ko ang isang [a]aklat,
at ito ay dala-dala nila.
21 At sinabi sa akin ng anghel:
Nalalaman mo ba ang kahulu-
gan ng aklat?
22 At sinabi ko sa kanya: Hindi
ko alam.
23 At sinabi niya: Masdan,
nagmula ito sa bibig ng isang
Judio. At ako, si Nephi, ay na-
masdan ito; at sinabi niya sa
akin: Ang [a]aklat na iyong na-
mamasdan ay isang [b]talaan ng
mga [c]Judio, na naglalaman ng
mga tipan ng Panginoon, na
kanyang ginawa sa sambaha-
yan ni Israel; at naglalaman din
ito ng marami sa mga propesi-
ya ng mga banal na propeta; at
nahahalintulad ang mga ito sa
mga nakaukit sa mga [d]lami-
nang tanso, yaon nga lamang
ay hindi gaanong marami; ga-
yon pa man, naglalaman ang
mga yaon ng mga tipan ng Pa-
nginoon, na kanyang ginawa
sa sambahayan ni Israel; anu-
pa't, labis na mahalaga ang mga
ito sa mga Gentil.
24 At sinabi ng anghel ng
Panginoon sa akin: Namasdan
mong nagmula ang aklat sa bi-
big ng isang Judio; at nang ito ay
nagmula sa bibig ng isang Judio
ito ay naglalaman ng kabuuan
ng ebanghelyo ng Panginoon,
na pinatototohanan ng labinda-
lawang apostol; at nagpapa-
totoo sila alinsunod sa katotoha-
nan na nasa Kordero ng Diyos.
25 Dahil dito, lumabas ang
mga ito mula sa mga [a]Judio sa
kadalisayan patungo sa mga
[b]Gentil, alinsunod sa katotoha-
nan na nasa Diyos.
26 At matapos lumabas ang
mga ito sa pamamagitan ng mga
kamay ng labindalawang apos-
tol ng Kordero, mula sa mga
Judio [a]patungo sa mga Gentil,
nakita mo ang pagbubuo ng ya-
ong [b]makapangyarihan at ka-

16*a* D at T 101:80.
19*a* 2 Ne. 10:10–14; 3 Ne. 21:4; Eter 2:12.
20*a* 1 Ne. 14:23.
23*a* 1 Ne. 13:38; 2 Ne. 29:4–12.
*b* GBK Banal na Kasulatan, Mga.
*c* 2 Ne. 3:12.
*d* 1 Ne. 5:10–13.
25*a* 2 Ne. 29:4–6; D at T 3:16. GBK Judio, Mga.
*b* GBK Gentil, Mga.
26*a* Mat. 21:43.
*b* 1 Ne. 13:4–6; 14:3, 9–17.

rumal-dumal na [c]simbahan, na pinakakarumal-dumal sa lahat ng iba pang simbahan, sapagkat masdan, [d]inalis nila mula sa ebanghelyo ng Kordero ang maraming bahagi na [e]malinaw at pinakamahalaga; at inalis din nila ang marami sa mga tipan ng Panginoon.

27 At ang lahat ng ito ay ginawa nila upang mailigaw nila ang mga tamang landas ng Panginoon, upang mabulag nila ang mga mata at mapatigas ang mga puso ng mga anak ng tao.

28 Samakatwid, nakita mong matapos lumabas ang aklat mula sa kamay ng makapangyarihan at karumal-dumal na simbahan, na maraming malinaw at mahahalagang bagay ang nawala sa aklat, na aklat ng Kordero ng Diyos.

29 At matapos mawala ang malilinaw at mahahalagang bagay na ito ay kumalat ito sa lahat ng bansa ng mga Gentil; at matapos itong kumalat sa lahat ng bansa ng mga Gentil, oo, maging sa kabila ng maraming tubig na nakita mo sa mga Gentil na nagsitakas sa pagkabihag, nakita mo—dahil sa dami ng malilinaw at mahahalagang bagay na nawala mula sa aklat, na malinaw sa pang-unawa ng mga anak ng tao, alinsunod sa kalinawan na nasa Kordero ng Diyos—dahil sa mga bagay na ito na inalis mula sa ebanghelyo ng Kordero, lubhang marami ang nangagkatisod, oo, kung kaya nga't nagkaroon ng malaking kapangyarihan si Satanas sa kanila.

30 Gayon pa man, namamasdan mo na ang mga Gentil na nagsitakas sa pagkabihag, at pinahalagahan sa lahat ng iba pang bansa ng kapangyarihan ng Diyos, sa ibabaw ng lupaing pinili sa lahat ng iba pang lupain, na lupaing tinipan ng Panginoong Diyos sa iyong ama na tatanggapin ng kanyang mga binhi bilang kanilang [a]lupaing mana; samakatwid, nakita mong hindi pahihintulutan ng Panginoong Diyos na lubusang malipol ng mga Gentil ang [b]pagkakahalo ng iyong mga binhi, na nasa inyong mga kapatid.

31 Ni hindi niya pahihintulutang [a]lipulin ng mga Gentil ang mga binhi ng iyong mga kapatid.

32 Ni hindi pahihintulutan ng Panginoong Diyos na ang mga Gentil ay manatili magpakailanman sa kakila-kilabot na kalagayan ng pagkabulag, na iyong napagmasdan na kanilang kinasadlakan, dahil sa malilinaw at pinakamahahalagang bahagi ng ebanghelyo ng Kordero na ipinagkait ng yaong [a]karumal-

26*c* GBK Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan—Lubusang pagtalikod sa katotohanan ng naunang Cristiyanong simbahan.
*d* Morm. 8:33; Moi. 1:41.
*e* 1 Ne. 14:20–26; S ng P 1:8.
30*a* GBK Lupang Pangako.
*b* Alma 45:10–14.
31*a* 2 Ne. 4:7; 10:18–19; Jac. 3:5–9; Hel. 15:12; 3 Ne. 16:8–9; Morm. 5:20–21.
32*a* GBK Diyablo—Ang simbahan ng diyablo.

dumal na simbahan, na ang
pagkakabuo ay nakita mo.
33 Anupa't wika ng Kordero
ng Diyos: Magiging maawain
ako sa mga Gentil, sa pagpapa-
rusa sa mga labi ng sambahayan
ni Israel sa dakilang paghuhu-
kom.
34 At ito ay nangyari na, na na-
ngusap ang anghel ng Pangino-
on sa akin, sinasabing: Masdan,
wika ng Kordero ng Diyos, ma-
tapos kong parusahan ang [a]labi
ng sambahayan ni Israel—at
ang mga binhi ng iyong ama ang
labing ito na aking tinutukoy—
dahil dito, matapos ko silang
parusahan sa paghuhukom, at
bagabagin sila sa pamamagitan
ng kamay ng mga Gentil, at
matapos na lubhang [b]mangati-
sod ang mga Gentil, dahil sa
pinakamalilinaw at mahahala-
gang bahagi ng [c]ebanghelyo ng
Kordero na ipinagkait ng karu-
mal-dumal na simbahang yaon,
na siyang ina ng mga patutot,
wika ng Kordero—Magiging
maawain ako sa mga Gentil sa
araw na yaon, kung kaya nga't
[d]isisiwalat ko sa kanila, sa pa-
mamagitan ng sarili kong ka-
pangyarihan, ang karamihan ng
aking ebanghelyo, na magiging
malinaw at mahalaga, wika ng
Kordero.
35 Sapagkat, masdan, wika ng
Kordero: Ipakikita ko ang aking
sarili sa iyong mga binhi, nang
isulat nila ang maraming ba-
gay na aking ipangangaral sa
kanila, na magiging malinaw
at mahalaga; at matapos na ang
iyong mga binhi ay malipol, at
manghina sa kawalang-pani-
niwala, at gayon din ang mga
binhi ng iyong mga kapatid,
masdan, ang mga [a]bagay na ito
ay itatago, upang lumabas sa
mga Gentil, sa pamamagitan
ng kaloob at kapangyarihan ng
Kordero.
36 At sa mga ito masusulat
ang aking [a]ebanghelyo, wika ng
Kordero, at ang aking [b]bato, at
ang aking kaligtasan.
37 At [a]pagpapalain sila na mga
maghahangad na maitatag ang
aking [b]Sion sa araw na yaon,
sapagkat mapapasakanila ang
[c]kaloob at ang kapangyarihan
ng Espiritu Santo; at kung sila
ay [d]makapagtitiis hanggang wa-
kas sila ay dadakilain sa huling
araw, at maliligtas sa walang
hanggang [e]kaharian ng Korde-
ro; at kung sinuman ang [f]mag-
hahayag ng kapayapaan, oo,
mga balita ng dakilang kagala-
kan, anong ganda nila sa iba-
baw ng mga bundok.
38 At ito ay nangyari na, na
namasdan ko ang mga labi ng
mga binhi ng aking mga kapa-

34*a* GBK Jose, Anak ni Jacob.
*b* 1 Ne. 14:1–3; 2 Ne. 26:20.
*c* GBK Ebanghelyo.
*d* D at T 10:62. GBK Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo.
35*a* 2 Ne. 27:6; 29:1–2. GBK Aklat ni Mormon.
36*a* 3 Ne. 27:13–21.
*b* Hel. 5:12; 3 Ne. 11:38–39. GBK Bato.
37*a* D at T 21:9.
*b* GBK Sion.
*c* GBK Kaloob na Espiritu Santo.
*d* 3 Ne. 27:16. GBK Makapagtiis.
*e* GBK Kaluwalhatiang Selestiyal.
*f* Is. 52:7; Mos. 15:14–18; 3 Ne. 20:40.

tid, at gayon din ang [a]aklat ng
Kordero ng Diyos, na nagmula
sa bibig ng Judio, na ito ay lu-
mabas mula sa mga Gentil [b]pa-
tungo sa mga labi ng mga binhi
ng aking mga kapatid.
39 At matapos nilang matang-
gap ito ay nakamalas ako ng iba
pang mga [a]aklat, na lumabas sa
pamamagitan ng kapangyarihan
ng Kordero, mula sa mga Gentil
patungo sa kanila, sa [b]ikahihi-
kayat ng mga Gentil at ng labi
ng mga binhi ng aking mga
kapatid, at gayon din ng mga
Judio na nakakalat sa lahat
ng dako ng mundo, na ang mga
talaan ng mga propeta at ng
labindalawang apostol ng Kor-
dero ay [c]totoo.
40 At nangusap ang anghel sa
akin, sinasabing: Ang mga [a]hu-
ling talaang ito, na nakita mo
sa mga Gentil, ang [b]magpapati-
bay sa katotohanan ng [c]una,
na nagmula sa labindalawang
apostol ng Kordero, at ipaa-
alam ang malilinaw at maha-
halagang bagay na inalis sa
mga yaon; at ipaaalam sa lahat
ng lahi, wika, at tao, na ang
Kordero ng Diyos ang Anak ng
Amang Walang Hanggan, at
ang [d]Tagapagligtas ng sanlibu-
tan; at na ang lahat ng tao ay
kinakailangang lumapit sa kan-
ya, o sila ay hindi maaaring
maligtas.
41 At sila ay kinakailangang
lumapit alinsunod sa mga sali-
tang pagtitibayin ng bibig ng
Kordero; at ang mga salita ng
Kordero ay ipaaalam sa mga
talaan ng iyong mga binhi, ga-
yon din sa mga talaan ng labin-
dalawang apostol ng Kordero;
anupa't kapwa ito pagtitibayin
sa [a]isa; sapagkat may [b]isang
Diyos at isang [c]Pastol sa buong
mundo.
42 At darating ang panahon na
ipakikita niya ang sarili sa lahat
ng bansa, kapwa sa mga [a]Judio
at gayon din sa mga Gentil; at
matapos na maipakita niya ang
sarili sa mga Judio at gayon din
sa mga Gentil, pagkatapos ay
ipakikita niya ang sarili sa mga
Gentil at gayon din sa mga
Judio, at ang [b]huli ay mauuna,
at ang [c]una ay mahuhuli.

## KABANATA 14

*Sinabi ng isang anghel kay Nephi ang tungkol sa mga pagpapala at pagsusumpang ipapataw sa mga Gentil—May dalawang simbahan lamang: ang Simbahan ng Kordero ng Diyos at ang simbahan ng diyablo—Ang mga Banal ng Diyos sa lahat ng bansa ay inuu-*

38*a* 1 Ne. 13:23; 2 Ne. 29:4–6.
*b* Morm. 5:15.
39*a* GBK Banal na Kasulatan, Mga—Mga banal na kasulatan na iprinopesiyang lalabas.
*b* Ez. 37:15–20; 2 Ne. 3:11–12.
*c* 1 Ne. 14:30.
40*a* 2 Ne. 26:16–17; 29:12. GBK Aklat ni Mormon.
*b* Morm. 7:8–9.
*c* GBK Biblia.
*d* Tingnan ang pamagat na pahina ng Aklat ni Mormon. Moi. 1:6.
41*a* Ez. 37:17.
*b* Deut. 6:4; Juan 17:21–23; 2 Ne. 31:21.
*c* GBK Mabuting Pastol.
42*a* D at T 90:8–9; 107:33; 112:4.
*b* Jac. 5:63.
*c* Lu. 13:30; 1 Ne. 15:13–20.

*sig ng makapangyarihan at karu-
mal-dumal na simbahan—Ang
Apostol na si Juan ang susulat
hinggil sa katapusan ng daigdig.
Mga 600–592 B.C.*

AT ito ay mangyayari, na kung
makikinig ang mga [a]Gentil sa
Kordero ng Diyos sa araw na
yaon na ipakikilala niya ang
sarili sa kanila sa salita, at ga-
yon din sa [b]kapangyarihan, sa
bawat gawa, hanggang sa pag-
aalis ng kanilang batong [c]kina-
titisuran—
2 At hindi patitigasin ang kani-
lang mga puso laban sa Kordero
ng Diyos, sila ay mabibilang sa
mga binhi ng iyong ama; oo,
sila ay [a]mabibilang sa samba-
hayan ni Israel; at sila ay magi-
ging mga [b]pinagpalang tao sa
lupang pangako magpakailan-
man; hindi na sila muling ma-
dadala pa sa pagkabihag; at ang
sambahayan ni Israel ay hindi
na muling malilito pa.
3 At ang yaong malalim na
[a]hukay, na hinukay para sa ka-
nila ng yaong makapangyari-
han at karumal-dumal na sim-
bahan, na itinatag ng diyablo at
ng kanyang mga anak, upang
maakay niya palayo ang mga
kaluluwa ng tao pababa sa im-
piyerno—oo, yaong malalim na
hukay na hinukay para sa pag-
kalipol ng tao ay mapupuno ng
mga yaong humukay nito, tu-
ngo sa kanilang lubusang pag-
kalipol, wika ng Kordero ng
Diyos; hindi ang pagkawasak
ng kaluluwa, maliban sa pag-
wawaksi nito sa yaong [b]impi-
yernong walang katapusan.
4 Sapagkat masdan, ito ay
alinsunod sa pagkabihag ng di-
yablo, at alinsunod din sa kata-
rungan ng Diyos, sa lahat ng
yaong gagawa ng kasamaan at
karumal-dumal na gawain sa
kanyang harapan.
5 At ito ay nangyari na, na na-
ngusap ang anghel sa akin, si
Nephi, sinasabing: Namasdan
mo na kung magsisisi ang mga
Gentil ay makabubuti sa kanila;
at nalalaman mo rin ang hinggil
sa mga tipan ng Panginoon sa
sambahayan ni Israel; at narinig
mo rin na ang sinumang hindi
[a]magsisisi ay tiyak na masasawi.
6 Samakatwid, sa [a]aba sa mga
Gentil kung sakali mang pati-
tigasin nila ang kanilang mga
puso laban sa Kordero ng Diyos.
7 Sapagkat darating ang pa-
nahon, wika ng Kordero ng
Diyos, na gagawa ako ng dakila
at [a]kagila-gilalas na gawain sa
mga anak ng tao; isang gawaing
magiging walang hanggan, sa
isang dako man o sa kabila—sa
ikahihikayat man nila tungo sa

**14** 1*a* 3 Ne. 16:6–13.
GBK Gentil, Mga.
*b* 1 Tes. 1:5;
1 Ne. 14:14;
Jac. 6:2–3.
*c* Is. 57:14;
1 Ne. 13:29, 34;
2 Ne. 26:20.
2*a* Gal. 3:7, 29;
2 Ne. 10:18–19;
3 Ne. 16:13; 21:6, 22;
Abr. 2:9–11.
*b* 2 Ne. 6:12; 10:8–14;
3 Ne. 16:6–7; 20:27.
3*a* 1 Ne. 22:14;
D at T 109:25.
*b* GBK Kapahamakan;
Impiyerno.
5*a* GBK Magsisi,
Pagsisisi.
6*a* 2 Ne. 28:32.
7*a* Is. 29:14;
1 Ne. 22:8;
2 Ne. 27:26; 29:1–2;
D at T 4:1.
GBK Pagpapanum-
balik ng Ebanghelyo.

kapayapaan at [b]buhay na wa-
lang hanggan, o tungo sa pagpa-
paubaya sa kanila sa katigasan
ng kanilang mga puso at sa ka-
bulagan ng kanilang mga isip na
magdadala sa kanila sa pagka-
bihag, at gayon din sa pagkawa-
sak, kapwa temporal at espiritu-
wal, alinsunod sa [c]pagkabihag
ng diyablo, na aking sinabi.
8 At ito ay nangyari na, nang
sabihin ng anghel ang mga sali-
tang ito, sinabi niya sa akin: Na-
aalaala mo ba ang mga [a]tipan ng
Ama sa sambahayan ni Israel?
Sinabi ko sa kanya, Oo.
9 At ito ay nangyari na, na si-
nabi niya sa akin: Tingnan, at
masdan ang makapangyarihan
at karumal-dumal na simbahan,
na ina ng mga karumal-dumal
na gawain, na ang [a]diyablo ang
nagtatag.
10 At sinabi niya sa akin: Mas-
dan, may [a]dalawang simbahan
lamang; ang isa ay simbahan ng
Kordero ng Diyos, at ang [b]isa
naman ay simbahan ng diyablo;
kaya nga, kung sinuman ang
hindi nabibilang sa simbahan ng
Kordero ng Diyos ay nabibilang
sa yaong makapangyarihang
simbahan, na ina ng mga karu-
mal-dumal na gawain; at siya
ang [c]patutot ng buong mundo.
11 At ito ay nangyari na, na tu-
mingin ako at namasdan ang
patutot ng buong mundo, at na-
kaupo siya sa maraming [a]tubig;
at may kapangyarihan [b]siya sa
buong mundo, sa lahat ng ban-
sa, lahi, wika, at tao.
12 At ito ay nangyari na, na
namasdan ko ang simbahan ng
Kordero ng Diyos, at ang bi-
lang nito ay [a]kakaunti, dahil
sa mga kasamaan at karumal-
dumal na gawain ng patutot na
nakaupo sa maraming tubig;
gayon pa man, namasdan ko na
ang simbahan ng Kordero, na
mga banal ng Diyos, ay nasa
[b]lahat din ng dako ng mundo;
at ang kanilang nasasakupan sa
mundo ay kakaunti, dahil sa ka-
samaan ng makapangyarihang
patutot na nakita ko.
13 At ito ay nangyari na, na na-
masdan kong nangalap ng ma-
raming tao ang makapangyari-
hang ina ng mga karumal-du-
mal na gawain sa lahat ng dako
ng mundo, sa lahat ng bansa ng
mga Gentil, upang [a]kalabanin
ang Kordero ng Diyos.
14 At ito ay nangyari na, na
ako, si Nephi, ay namasdan ang
kapangyarihan ng Kordero ng
Diyos, na ito ay napasa mga
banal ng simbahan ng Kordero,
at sa mga pinagtipanang tao ng
Panginoon, na nakakalat sa la-
hat ng dako ng mundo; at nasa-
sandatahan sila ng kabutihan at

7*b* GBK Buhay na Walang Hanggan.
*c* 2 Ne. 2:26–29; Alma 12:9–11.
8*a* GBK Tipang Abraham.
9*a* 1 Ne. 15:35; D at T 1:35. GBK Diyablo.
10*a* 1 Ne. 22:23.
*b* 1 Ne. 13:4–6, 26.
*c* Apoc. 17:5, 15; 2 Ne. 10:16.
11*a* Jer. 51:13; Apoc. 17:15.
*b* D at T 35:11.
12*a* Mat. 7:14; 3 Ne. 14:14; D at T 138:26.
*b* D at T 90:11.
13*a* Apoc. 17:1–6; 18:24; 1 Ne. 13:5; D at T 123:7–8.

[a]kapangyarihan ng Diyos sa dakilang kaluwalhatian.

15 At ito ay nangyari na, na namasdan kong [a]nabuhos ang poot ng Diyos sa yaong makapangyarihan at karumal-dumal na simbahan, kung kaya nga't may mga digmaan at alingawngaw ng mga digmaan sa lahat ng [b]bansa at lahi sa mundo.

16 At nang magsimulang magkaroon ng mga [a]digmaan at alingawngaw ng mga digmaan sa lahat ng bansang pag-aari ng ina ng mga karumal-dumal na gawain, nangusap ang anghel sa akin, sinasabing: Masdan, ang poot ng Diyos ay napasa-ina ng mga patutot; at masdan, nakikita mo ang lahat ng bagay na ito—

17 At kapag dumating ang [a]panahong mabubuhos ang [b]poot ng Diyos sa ina ng mga patutot, na siyang makapangyarihan at karumal-dumal na simbahan sa buong mundo, na ang diyablo ang nagtatag, sa gayon, sa araw na yaon, ang [c]gawain ng Ama ay magsisimula, sa paghahanda ng daan upang maisakatuparan ang kanyang mga [d]tipan, na kanyang ginawa sa kanyang mga tao na nabibilang sa sambahayan ni Israel.

18 At ito ay nangyari na, na nangusap sa akin ang anghel, sinasabing: Tingnan!

19 At tumingin ako at namasdan ang isang lalaki at nakadamit siya ng isang puting bata.

20 At sinabi ng anghel sa akin: Masdan ang [a]isa sa labindalawang apostol ng Kordero.

21 Masdan, makikita niya at isusulat ang mga nalalabi sa mga bagay na ito; oo, at gayon din ang marami pang bagay na nangyari na.

22 At isusulat din niya ang hinggil sa katapusan ng daigdig.

23 Samakatwid, ang mga bagay na kanyang isusulat ay makatarungan at totoo; at masdan, nasusulat ang mga ito sa [a]aklat na iyong namasdan na nagmula sa bibig ng Judio; at sa panahong lalabas ang mga ito sa bibig ng Judio, o, sa panahong ang aklat ay lalabas mula sa bibig ng Judio, ang mga bagay na nasusulat ay malinaw at dalisay, at [b]pinakamahalaga at madaling maunawaan ng lahat ng tao.

24 At masdan, ang mga bagay na isusulat ng [a]apostol na ito ng Kordero ay maraming bagay na iyo nang nakita; at masdan, ang nalalabi ay makikita mo.

25 Subalit ang mga bagay na iyong makikita pagkaraan nito ay hindi mo isusulat; sapagkat inordenan ng Panginoong Diyos ang apostol ng Kordero ng

14*a* Jac. 6:2; D at T 38:32–38.
15*a* D at T 1:13–14.
*b* Mar. 13:8; D at T 87:6.
16*a* 1 Ne. 22:13–14; Morm. 8:30.
17*a* GBK Huling Araw, Mga.
*b* 1 Ne. 22:15–16.
*c* 3 Ne. 21:7, 20–29. GBK Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo.
*d* Morm. 8:21, 41. GBK Tipang Abraham.
20*a* Apoc. 1:1–3; 1 Ne. 14:27.
23*a* 1 Ne. 13:20–24; Morm. 8:33.
*b* 1 Ne. 13:28–32.
24*a* Eter 4:16.

Diyos na siya ang [a]magsusulat ng mga yaon.

26 At gayon din sa ibang nabuhay na noon, sa kanila ay ipinakita niya ang lahat ng bagay, at isinulat nila ang mga yaon; at [a]mahigpit na isinara ang mga yaon upang lumabas sa kanilang kadalisayan, alinsunod sa katotohanan na nasa Kordero, sa sariling itinakdang panahon ng Panginoon, sa sambahayan ni Israel.

27 At ako, si Nephi, ay narinig at nagpapatotoo, na ang pangalan ng apostol ng Kordero ay [a]Juan, ayon sa salita ng anghel.

28 At masdan, ako, si Nephi, ay pinagbawalang aking isulat ang nalalabi sa mga bagay na aking nakita at narinig; anupa't ang mga bagay na naisulat ko ay sapat na sa akin; at aking isinulat ang maliit na bahagi lamang ng mga bagay na aking nakita.

29 At pinatototohanan kong aking nakita ang mga bagay na nakita ng aking [a]ama, at ipinaalam sa akin ang mga yaon ng anghel ng Panginoon.

30 At ngayon tatapusin ko na ang aking mga pananalita hinggil sa mga bagay na aking nakita habang ako ay natangay sa espiritu; at kung hindi man nasusulat ang lahat ng bagay na aking nakita, ang mga bagay na aking naisulat ay [a]totoo. At gayon nga ito. Amen.

## KABANATA 15

*Matatanggap ng mga binhi ni Lehi ang ebanghelyo mula sa mga Gentil sa huling araw—Inihalintulad ang pagtitipon ng Israel sa isang punong olibo na ang mga likas na sanga ay ihuhugpong na muli—Binigyang-kahulugan ni Nephi ang pangitain ng punungkahoy ng buhay at nangusap tungkol sa katarungan ng Diyos sa paghihiwalay ng masasama sa mabubuti. Mga 600–592 B.C.*

AT ito ay nangyari na, na matapos ako, si Nephi, ay matangay sa espiritu, at nakita ang lahat ng bagay na ito, bumalik ako sa tolda ng aking ama.

2 At ito ay nangyari na, na namasdan ko ang aking mga kapatid, at nagtatalu-talo sila sa isa't isa hinggil sa mga bagay na sinabi ng aking ama sa kanila.

3 Sapagkat tunay na maraming kamangha-manghang bagay ang kanyang sinabi sa kanila, na mahirap [a]maunawaan, maliban lamang kung ang isang tao ay magtatanong sa Panginoon; at sila, sapagkat matitigas ang puso, samakatwid hindi sila lumapit sa Panginoon na siyang nararapat.

4 At ngayon, ako, si Nephi, ay nagdalamhati dahil sa katigasan ng kanilang mga puso, at gayon din, dahil sa mga bagay na aking nakita, at nalalaman kong tiyak na mangyayari ang mga

25*a* Juan 20:30–31; Apoc. 1:19.
26*a* 2 Ne. 27:6–23; Eter 3:21–27; 4:4–7; D at T 35:18; JS—K 1:65.
27*a* Apoc. 1:1–3.
29*a* 1 Ne. 8.
30*a* 2 Ne. 33:10–14.
**15** 3*a* 1 Cor. 2:10–12; Alma 12:9–11.

yaon dahil sa labis na kasama-
an ng mga anak ng tao.
5 At ito ay nangyari na, na ako
ay nadaig ng aking mga paghi-
hirap, sapagkat inaakala ko na
ang aking mga [a]paghihirap ay
higit sa lahat, dahil sa [b]pagkali-
pol ng aking mga tao, sapagkat
namasdan ko ang kanilang pag-
bagsak.
6 At ito ay nangyari na, na ma-
tapos akong makatanggap ng
[a]lakas ako ay nangusap sa aking
mga kapatid, nagnanais na ma-
laman sa kanila ang dahilan ng
kanilang pagtatalo.
7 At sinabi nila: Masdan, hindi
namin maunawaan ang mga sa-
lita ng ating ama hinggil sa mga
likas na sanga ng punong olibo,
at hinggil din sa mga Gentil.
8 At sinabi ko sa kanila: [a]Nagta-
nong ba kayo sa Panginoon?
9 At sinabi nila sa akin: Hindi;
sapagkat walang ipinaaalam na
gayong bagay ang Panginoon sa
amin.
10 Masdan, sinabi ko sa kanila:
Ano't hindi ninyo sinusunod
ang mga kautusan ng Pangino-
on? Bakit kayo ay masasawi,
dahil sa [a]katigasan ng inyong
mga puso?
11 Hindi ba ninyo natatandaan
ang mga bagay na sinabi ng
Panginoon?—Kung hindi nin-
yo patitigasin ang inyong mga
puso, at [a]magtatanong sa akin
nang may pananampalataya,
naniniwalang makatatanggap
kayo, nang may pagsusumiga-
sig sa pagsunod sa aking mga
kautusan, tiyak na ipaaalam sa
inyo ang mga bagay na ito.
12 Masdan, sinasabi ko sa inyo,
na ang sambahayan ni Israel ay
inihahalintulad sa isang punong
olibo, ng Espiritu ng Panginoon
na nasa ating ama; at masdan,
hindi ba't tayo ay binali mula
sa sambahayan ni Israel, at hin-
di ba't tayo ay isang [a]sanga ng
sambahayan ni Israel?
13 At ngayon, ang ibig sabihin
ng ating ama hinggil sa paghu-
hugpong ng mga likas na sanga
sa pamamagitan ng kaganapan
ng mga Gentil, ay, na sa mga
huling araw, kapag ang ating
mga binhi ay [a]nanghina sa ka-
walang-paniniwala, oo, sa loob
ng maraming taon, at mara-
ming salinlahi matapos mag-
pakita ang [b]Mesiyas sa kata-
wang-tao sa mga anak ng tao,
pagkatapos ang kabuuan ng
[c]ebanghelyo ng Mesiyas ay da-
rating sa mga Gentil, at mula sa
mga [d]Gentil patungo sa mga labi
ng ating mga binhi—
14 At sa araw na yaon ay mala-
laman ng labi ng ating mga [a]bin-

5*a* GBK Pagdurusa.
*b* Enos 1:13; Morm. 6:1.
6*a* Moi. 1:10; JS—K 1:20, 48.
8*a* Mos. 26:13; Alma 40:3. GBK Panalangin.
10*a* GBK Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan.
11*a* Sant. 1:5–6; Enos 1:15; Moro. 7:26; D at T 18:18. GBK Humingi.
12*a* Gen. 49:22–26; 1 Ne. 10:12–14; 19:24. GBK Lehi, Ama ni Nephi.
13*a* 1 Ne. 12:22–23; 2 Ne. 26:15.
*b* GBK Mesiyas.
*c* GBK Ebanghelyo.
*d* 1 Ne. 13:42; 22:5–10; D at T 14:10. GBK Gentil, Mga.
14*a* 2 Ne. 10:2; 3 Ne. 5:21–26; 21:4–7.

hi na sila ay kabilang sa sambahayan ni Israel, at na sila ang mga [b]pinagtipanang tao ng Panginoon; at pagkatapos makikilala nila at makararating sila sa [c]kaalaman ng kanilang mga ninuno, at gayon din sa kaalaman ng ebanghelyo ng kanilang Manunubos, na kanyang ipinangaral sa kanilang mga ama; anupa't makararating sila sa kaalaman ng kanilang Manunubos at sa bawat bahagi ng kanyang doktrina, nang malaman nila kung paano lalapit sa kanya at maligtas.

15 At pagkatapos sa araw na yaon hindi ba't sila ay magagalak at magbibigay-papuri sa kanilang Diyos na walang hanggan, ang kanilang [a]bato at kanilang kaligtasan? Oo, sa araw na yaon, hindi ba't matatanggap nila ang lakas at pagkain mula sa tunay na [b]baging? Oo, hindi ba't sila ay magtutungo sa tunay na kawan ng Diyos?

16 Masdan, sinasabi ko sa inyo, Oo; muli silang maaalaala sa sambahayan ni Israel; [a]ihuhugpong sila, bilang likas na sanga ng punong olibo, sa tunay na punong olibo.

17 At ito ang ibig sabihin ng ating ama; at ipinapakahulugan niya na hindi ito mangyayari hangga't hindi sila naikakalat ng mga Gentil; at ipinapakahulugan niyang magmumula ito sa pamamagitan ng mga Gentil, upang maipakita ng Panginoon ang kanyang kapangyarihan sa mga Gentil, dahil na rin sa natatanging kadahilanan na [a]itatakwil siya ng mga Judio, o ng sambahayan ni Israel.

18 Anupa't ang ating ama ay hindi lamang tumutukoy sa ating mga binhi, kundi gayon din sa buong sambahayan ni Israel, tumutukoy sa mga tipang matutupad sa mga huling araw; kung aling tipan ay ginawa ng Panginoon sa ating amang si Abraham, sinasabing: Sa iyong mga [a]binhi pagpapalain ang lahat ng lahi sa mundo.

19 At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay nangusap nang marami sa kanila hinggil sa mga bagay na ito; oo, nangusap ako sa kanila hinggil sa [a]pagpapanumbalik ng mga Judio sa mga huling araw.

20 At inulit ko sa kanila ang mga salita ni [a]Isaias, na nangusap hinggil sa pagpapanumbalik ng mga Judio, o ng sambahayan ni Israel; at matapos silang mapanumbalik sila ay hindi na malilito pa, ni makakalat na muli. At ito ay nangyari na, na marami akong sinabing salita sa aking mga kapatid, kung kaya't sila ay napapayapa at [b]nagpakumbaba ng kanilang sarili sa harapan ng Panginoon.

14*b* GBK Tipang Abraham.
*c* 2 Ne. 3:12; 30:5; Morm. 7:1, 9–10; D at T 3:16–20. Tingnan ang pamagat na pahina ng Aklat ni Mormon.
15*a* GBK Bato.
*b* Gen. 49:11; Juan 15:1.
16*a* Jac. 5:60–68.
17*a* GBK Pagpapako sa Krus.
18*a* Gen. 12:1–3; Abr. 2:6–11.
19*a* 1 Ne. 19:15. GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
20*a* 1 Ne. 19:23.
*b* 1 Ne. 16:5, 24, 39.

21 At ito ay nangyari na, na
muli silang nangusap sa akin,
sinasabing: Ano ang kahulu-
gan ng bagay na ito na nakita
ng ating ama sa panaginip?
Ano ang kahulugan ng [a]pu-
nungkahoy na kanyang nakita?
22 At sinabi ko sa kanila: Ito
ay sumasagisag sa [a]punungka-
hoy ng buhay.
23 At sinabi nila sa akin: Ano
ang kahulugan ng [a]gabay na
bakal na nakita ng ating ama,
na patungo sa punungkahoy?
24 At sinabi ko sa kanila na
ito ang salita ng Diyos; at sinu-
man ang makikinig sa [a]salita ng
Diyos, at mahigpit na [b]kakapit
dito, kailanman sila ay hindi
masasawi; ni ang mga [c]tukso o
nag-aapoy na [d]sibat ng [e]kaaway
ay makapananaig sa kanila tu-
ngo sa pagkabulag, upang aka-
yin sila sa pagkalipol.
25 Kaya nga, ako, si Nephi,
ay pinayuhan silang [a]pakinggan
ang salita ng Panginoon; oo, pi-
nayuhan ko sila lakip ang lahat
ng lakas ng aking kaluluwa, at
lahat ng kaalamang aking tag-
lay, na sila ay makinig sa salita
ng Diyos at tandaang sundin
ang kanyang mga kautusan sa
tuwina sa lahat ng bagay.
26 At sinabi nila sa akin: Ano
ang kahulugan ng [a]ilog ng tubig
na nakita ng ating ama?
27 At sinabi ko sa kanila na ang
[a]tubig na nakita ng aking ama
ay [b]karumihan; at sa dami ng
mga iba pang bagay na nasa
kanyang isipan ay hindi na niya
namasdan ang karumihan ng
tubig.
28 At sinabi ko sa kanila na ito
ay isang kakila-kilabot na [a]look,
na humihiwalay sa masasama
mula sa punungkahoy ng bu-
hay, at gayon din sa mga banal
ng Diyos.
29 At sinabi ko sa kanila na ito
ay sumasagisag sa yaong kakila-
kilabot na [a]impiyerno, na sinabi
sa akin ng anghel na inihanda
para sa masasama.
30 At sinabi ko rin sa kanilang
nakita rin ng aming ama na ang
[a]katarungan ng Diyos ay humi-
hiwalay rin sa masasama mula
sa mabubuti; at ang liwanag nito
ay kahalintulad ng liwanag ng
isang nagliliyab na apoy, na
pumapailanglang sa Diyos mag-
pakailanman, at walang kata-
pusan.
31 At sinabi nila sa akin: Ang
ibig bang sabihin ng bagay na
ito ay pagdurusa ng katawan sa
mga araw ng [a]pagsubok, o ang
kahulugan ba nito ay kahuli-
hulihang kalagayan ng kalulu-
wa matapos ang [b]kamatayan ng
katawang lupa, o tumutukoy ba
ito sa mga bagay na temporal?

21*a* 1 Ne. 8:10–12.
22*a* 1 Ne. 11:4, 25; Moi. 3:9.
23*a* 1 Ne. 8:19–24.
24*a* GBK Salita ng Diyos.
*b* 1 Ne. 8:30; 2 Ne. 31:20.
*c* 1 Ne. 8:23. GBK Tukso, Panunukso.
*d* Ef. 6:16; D at T 3:8; 27:17.
*e* GBK Diyablo.
25*a* D at T 11:2; 32:4; 84:43–44.
26*a* 1 Ne. 8:13.
27*a* 1 Ne. 12:16.
*b* GBK Marumi, Karumihan.
28*a* Lu. 16:26; 1 Ne. 12:18; 2 Ne. 1:13.
29*a* GBK Impiyerno.
30*a* GBK Katarungan.
31*a* Alma 12:24; 42:10; Hel. 13:38.
*b* Alma 40:6, 11–14.

32 At ito ay nangyari na, na sinabi ko sa kanila na sumasagisag ito sa mga bagay na kapwa temporal at espirituwal; sapagkat darating ang araw na sila ay tiyak na hahatulan sa kanilang mga [a]gawa, oo, maging ang mga gawang ginawa ng katawang lupa sa mga araw ng kanilang pagsubok.
33 Anupa't kung sila ay [a]mamamatay sa kanilang mga kasamaan sila ay tiyak ding [b]itatakwil, alinsunod sa mga bagay na espirituwal, na tumutukoy sa kabutihan; kaya nga, tiyak na sila ay dadalhin upang tumayo sa harapan ng Diyos, upang [c]hatulan sa kanilang mga [d]gawa; at kung ang kanilang mga gawa ay karumihan sila ay tiyak na [e]marurumi; at kung sila ay marurumi, tiyak na sila ay hindi [f]makapananahanan sa kaharian ng Diyos; sapagkat kung magkakagayon, ang kaharian ng Diyos ay tiyak na marumi rin.
34 Subalit masdan, sinasabi ko sa inyo, ang kaharian ng Diyos ay hindi [a]marumi, at walang anumang maruming bagay ang makapapasok sa kaharian ng Diyos; anupa't tiyak na may lugar ng karumihang inihanda para sa yaong marurumi.
35 At may lugar na inihanda, oo, maging yaong kakila-kilabot na [a]impiyerno na aking sinabi, at ang [b]diyablo ang naghanda nito; kaya nga, ang kahuli-hulihang kalagayan ng kaluluwa ng tao ay manahanan sa kaharian ng Diyos, o itakwil dahil sa yaong [c]katarungang aking sinabi.
36 Sa gayon, ang masasama ay ihihiwalay sa mabubuti, at gayon din sa yaong [a]punungkahoy ng buhay, na ang bunga ay pinakamahalaga at [b]pinakakanais-nais sa lahat ng iba pang bunga; oo, at ito ang [c]pinakadakila sa lahat ng [d]kaloob ng Diyos. At sa gayon ako nangusap sa aking mga kapatid. Amen.

## KABANATA 16

*Ang masasama ay tinatanggap ang katotohanan nang may kahirapan—Pinakasalan ng mga anak na lalaki ni Lehi ang mga anak na babae ni Ismael—Ang Liahona ang pumapatnubay sa kanilang landas sa ilang—Ang mga pahatid-bilin mula sa Panginoon ay nasusulat sa Liahona sa pana-panahon—Namatay si Ismael; ang kanyang mag-anak ay bumulung-bulong dahil sa mga paghihirap. Mga 600–592 B.C.*

AT ngayon ito ay nangyari na, na matapos na ako, si Nephi, ay

32*a* GBK Gawa, Mga.
33*a* Mos. 15:26; Moro. 10:26.
*b* Alma 12:12–16; 40:26.
*c* GBK Paghuhukom, Ang Huling.
*d* 3 Ne. 27:23–27.
*e* 2 Ne. 9:16; D at T 88:35.
*f* Awit 15:1–5; 24:3–4; Alma 11:37; D at T 76:50–70; Moi. 6:57.
34*a* GBK Marumi, Karumihan.
35*a* 2 Ne. 9:19; Mos. 26:27. GBK Impiyerno.
*b* 1 Ne. 14:9; D at T 1:35.
*c* GBK Katarungan.
36*a* Gen. 2:9; 2 Ne. 2:15.
*b* 1 Ne. 8:10–12; Alma 32:42.
*c* D at T 6:13.
*d* D at T 14:7. GBK Buhay na Walang Hanggan.

magwakas sa pangungusap sa
aking mga kapatid, masdan, si-
nabi nila sa akin: Ikaw ay nag-
pahayag sa amin ng masasakit
na bagay, higit kaysa kaya na-
ming tiisin.
2 At ito ay nangyari na, na si-
nabi ko sa kanila na alam kong
ako ay nagsalita ng masasakit
na bagay laban sa masasama,
alinsunod sa katotohanan; at
ang mabubuti ay binigyang-kat-
wiran ko, at nagpatotoo na sila
ay dadakilain sa huling araw;
anupa't ang [a]may kasalanan ay
tumatanggap ng [b]katotohanan
nang may kahirapan; sapagkat
iyon ay [c]sumusugat sa kanila sa
kaibuturan.
3 At ngayon mga kapatid ko,
kung kayo ay mabubuti at naha-
handang makinig sa katotoha-
nan, at bigyang-unawa ito, nang
kayo ay [a]makalakad nang mat-
wid sa harapan ng Diyos, kung
magkagayon kayo ay hindi mag-
bubulung-bulong dahil sa ka-
totohanan, at sasabihing: Ikaw
ay nangungusap ng masasakit
na bagay laban sa amin.
4 At ito ay nangyari na, na
ako, si Nephi, ay pinayuhan
ang aking mga kapatid, nang
buong sigasig, na sundin ang
mga kautusan ng Panginoon.
5 At ito ay nangyari na, na sila
ay [a]nagpakumbaba ng kanilang
sarili sa harapan ng Panginoon;
kung kaya nga't ako ay nagalak
at nagkaroon ng malaking pag-
asa sa kanila, na sila ay lalakad
sa mga landas ng kabutihan.
6 Ngayon, ang lahat ng bagay
na ito ay winika at naganap nang
ang aking ama ay naninirahan
sa isang tolda sa lambak na ti-
nawag niyang Lemuel.
7 At ito ay nangyari na, na ako,
si Nephi, ay pinakasalan ang isa
sa mga [a]anak na babae ni Ismael
upang maging [b]asawa; at gayon
din, pinakasalan ng aking mga
kapatid ang mga anak na babae
ni Ismael upang maging mga
asawa; at gayon din, pinakasa-
lan ni [c]Zoram ang pinakamatan-
dang anak na babae ni Ismael
upang maging asawa.
8 At sa gayon natupad ng
aking ama ang lahat ng kautu-
san ng Panginoon na ibinigay
sa kanya. At gayon din, ako, si
Nephi, ay labis na pinagpala
ng Panginoon.
9 At ito ay nangyari na, na ang
tinig ng Panginoon ay nangu-
sap sa aking ama sa gabi, at
inutusan siya na sa kinabuka-
san siya ay nararapat maglak-
bay sa ilang.
10 At ito ay nangyari na, nang
ang aking ama ay bumangon sa
umaga, at nagtungo sa pinto ng
tolda, sa kanyang malaking pag-
kamangha, namasdan niya sa
lupa ang isang bilog na [a]bola

**16** 2*a* Juan 3:20; 2 Ne. 33:5; Enos 1:23; Hel. 14:10. GBK Pagkakasala.
*b* Kaw. 15:10; 2 Ne. 1:26; 9:40; Hel. 13:24–26.
*c* Gawa 5:33; Mos. 13:7.
3*a* D at T 5:21. GBK Lumakad, Lumakad na Kasama ng Diyos.
5*a* 1 Ne. 16:24, 39; 18:4.
7*a* 1 Ne. 7:1.
*b* GBK Kasal, Pagpapakasal.
*c* 1 Ne. 4:35; 2 Ne. 5:5–6.
10*a* Alma 37:38–46. GBK Liahona.

na kahanga-hanga ang pagka-
kagawa; at iyon ay yari sa pu-
rong tanso. At sa loob ng bola
ay may dalawang ikiran; at ang
isa ay itinuturo ang daan kung
saan kami nararapat magtungo
sa ilang.
11 At ito ay nangyari na, na ti-
nipon naming sama-sama ang
anumang bagay na nararapat
naming dalhin sa pagtungo sa
ilang, at ang lahat ng nalabi sa
aming mga panustos na ibini-
gay sa amin ng Panginoon; at
dinala namin ang lahat ng uri
ng binhi na maaari naming ma-
dala sa ilang.
12 At ito ay nangyari na, na
dinala namin ang aming mga
tolda at lumisan patungo sa
ilang, sa kabilang pampang ng
ilog Laman.
13 At ito ay nangyari na, na
kami ay naglakbay sa loob ng
apat na araw, halos sa gawing
timog-timog silangan, at muli
naming itinayo ang aming mga
tolda; at tinawag namin ang
pook sa pangalang Saser.
14 At ito ay nangyari na, na di-
nala namin ang aming mga bu-
sog at aming mga palaso, at nag-
tungo sa ilang upang mangaso
ng makakain para sa aming mga
mag-anak; at matapos kaming
makapangaso ng makakain para
sa aming mga mag-anak ay muli
kaming bumalik sa aming mga
mag-anak sa ilang, sa pook ng
Saser. At kami ay muling nag-
lakbay sa ilang, sinusunod ang
dating daan, nananatili sa maya-
mang bahagi ng ilang, na nasa
mga hangganang malapit sa
[a]Dagat na Pula.
15 At ito ay nangyari na, na
kami ay naglakbay sa loob ng
maraming araw, nangangaso
ng makakain sa dinaraanan, sa
pamamagitan ng aming mga
busog at aming mga palaso at
aming mga bato at aming mga
tirador.
16 At sinunod namin ang mga
[a]panturo ng bola, na nag-akay
sa amin sa higit na mayaya-
mang bahagi ng ilang.
17 At matapos na kami ay ma-
kapaglakbay sa loob ng mara-
ming araw, itinayo namin ang
aming mga tolda sa loob ng
ilang panahon, upang muling
maipahinga ang aming sarili
at maikuha ng makakain ang
aming mga mag-anak.
18 At ito ay nangyari na, na ha-
bang ako, si Nephi, ay yumaon
upang mangaso ng makakain,
masdan, nabali ko ang aking
busog na yari sa purong [a]asero;
at matapos na mabali ko ang
aking busog, masdan, ang aking
mga kapatid ay nagalit sa akin
dahil sa pagkabali ng aking bu-
sog, sapagkat hindi kami naka-
kuha ng makakain.
19 At ito ay nangyari na, na
kami ay bumalik sa aming mga
mag-anak nang walang dalang
pagkain, at dahil sa labis na pag-
kapagod, dala ng kanilang pag-
lalakbay, sila ay lubhang nahi-
rapan dahil sa kawalan ng pag-
kain.

14*a* D at T 17:1.
16*a* 1 Ne. 16:10, 16, 26; 18:12; Alma 37:38–46.
18*a* 2 Sam. 22:35.

20 At ito ay nangyari na, na
sina Laman at Lemuel at ang
mga anak na lalaki ni Ismael ay
nagsimulang bumulung-bulong
nang labis, dahil sa kanilang
mga pagdurusa at paghihirap
sa ilang; at gayundin, ang aking
ama ay nagsimulang bumulung-
bulong laban sa Panginoon ni-
yang Diyos; oo, at lahat sila ay
labis na nalungkot, maging sa
sila ay bumulung-bulong laban
sa Panginoon.
21 Ngayon ito ay nangyari na,
na ako, si Nephi, na naghirap
kasama ng aking mga kapatid
dahil sa pagkabali ng aking bu-
sog, at ang kanilang mga busog
ay nawalan ng kanilang mga ig-
kas, iyon ay nagsimulang ma-
ging lubhang napakahirap, oo,
kung kaya nga't kami ay hindi
na makakuha ng pagkain.
22 At ito ay nangyari na, na
ako, si Nephi, ay nangusap nang
marami sa aking mga kapatid,
sapagkat pinatigas nilang muli
ang kanilang mga puso, maging
hanggang sa [a]pagdaing laban sa
Panginoon nilang Diyos.
23 At ito ay nangyari na, na
ako, si Nephi, ay gumawa mula
sa kahoy ng isang busog, at
mula sa isang tuwid na patpat,
ng isang palaso; kaya nga, na-
sandatahan ako ng busog at pa-
laso, kasama ng tirador at mga
bato. At sinabi ko sa aking [a]ama:
Saan po ako patutungo upang
makakuha ng pagkain?
24 At ito ay nangyari na, na
[a]nagtanong siya sa Panginoon,
sapagkat nagpakumbaba sila ng
kanilang sarili dahil sa aking
mga salita; sapagkat nangusap
ako ng maraming bagay sa ka-
nila sa kasiglahan ng aking ka-
luluwa.
25 At ito ay nangyari na, na
ang tinig ng Panginoon ay na-
ngusap sa aking ama; at tunay
siyang [a]nakastigo dahil sa kan-
yang pagbulung-bulong laban
sa Panginoon, kung kaya nga't
siya ay nasadlak sa kailaliman
ng kalungkutan.
26 At ito ay nangyari na, na
ang tinig ng Panginoon ay nag-
sabi sa kanya: Tumingin ka sa
bola, at masdan ang mga bagay
na nakasulat.
27 At ito ay nangyari na, nang
mamasdan ng aking ama ang
mga bagay na nakasulat sa
bola, siya ay natakot at labis na
nanginig, at gayon din ang
aking mga kapatid at mga anak
na lalaki ni Ismael at ang aming
mga asawa.
28 At ito ay nangyari na, na
ako, si Nephi, ay namasdan ang
mga panuro na nasa bola, na
ang mga iyon ay gumagalaw
alinsunod sa [a]pananampalataya
at pagsisikap at pagsunod na
ibinigay namin sa mga iyon.
29 At may nakasulat din doon
sa mga iyon na isang bagong
sulatin, na madaling mabasa,
na nagbigay sa amin ng [a]pang-
unawa hinggil sa mga pama-
maraan ng Panginoon; at iyon

22*a* Ex. 16:8; Blg. 11:1.
23*a* Ex. 20:12; Mos. 13:20.
24*a* GBK Panalangin.
25*a* Eter 2:14. GBK Parusa, Pagpaparusa.
28*a* Alma 37:40. GBK Pananampalataya.
29*a* GBK Pagkaunawa.

ay isinusulat at binabago sa pana-panahon, alinsunod sa pananampalataya at sigasig na ibinibigay namin doon. At sa gayon nakikita natin na sa pamamagitan ng [b]maliliit na pamamaraan ay maisasagawa ng Panginoon ang mahahalagang bagay.
30 At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay umakyat sa tuktok ng bundok, alinsunod sa mga tagubiling ibinigay mula sa bola.
31 At ito ay nangyari na, na nakapatay ako ng mababangis na hayop, kung kaya nga't nakakuha ako ng makakain para sa aming mga mag-anak.
32 At ito ay nangyari na, na ako ay bumalik sa aming mga tolda, dala ang mga hayop na aking napatay; at ngayon, nang namasdan nilang nakakuha ako ng makakain, gayon na lamang ang kanilang kagalakan! At ito ay nangyari na, na nagpakumbaba sila ng kanilang sarili sa harapan ng Panginoon, at nagbigay-pasasalamat sa kanya.
33 At ito ay nangyari na, na muli kaming naglakbay, tinatahak ang halos gayon ding landas tulad noong una; at matapos na kami ay nakapaglakbay sa loob ng maraming araw ay muli naming itinayo ang aming mga tolda, upang kami ay makapanatili sa loob ng ilang panahon.
34 At ito ay nangyari na, na si [a]Ismael ay namatay, at inilibing sa pook na tinawag na Nahom.
35 At ito ay nangyari na, na ang mga anak na babae ni Ismael ay labis na nagdalamhati, dahil sa pagkawala ng kanilang ama, at dahil sa kanilang mga [a]paghihirap sa ilang; at sila ay bumulung-bulong laban sa aking ama, dahil sa inilabas niya sila sa lupain ng Jerusalem, sinasabing: Ang aming ama ay patay na; oo, at kami ay labis na nagpagala-gala sa ilang, at kami ay nagdanas ng labis na paghihirap, gutom, uhaw, at pagod; at matapos ang maraming pagdurusang ito kami ay tiyak na mamamatay sa gutom sa ilang.
36 At sa gayon sila bumulung-bulong laban sa aking ama, at gayon din, laban sa akin; at sila ay nagnais na bumalik na muli sa Jerusalem.
37 At sinabi ni Laman kay Lemuel at gayon din sa mga anak na lalaki ni Ismael: Masdan, [a]patayin natin ang ating ama, at gayon din ang ating kapatid na si Nephi, na iniluklok ang kanyang sarili na maging ating [b]tagapamahala at ating guro, na mga nakatatanda niyang kapatid.
38 Ngayon, sinasabi niya na ang Panginoon ay nakipag-usap sa kanya, at gayon din na ang mga [a]anghel ay naglingkod sa kanya. Ngunit masdan, nalalaman natin na siya ay nagsisinungaling sa atin; at sinasabi niya

29*b* 2 Hari 5:13; Sant. 3:4; Alma 37:6–7, 41; D at T 123:16.
34*a* 1 Ne. 7:2–6.
35*a* GBK Pagdurusa.
37*a* 1 Ne. 17:44. GBK Pagpaslang.
*b* Gen. 37:9–11; 1 Ne. 2:22; 18:10.
38*a* 1 Ne. 3:30–31; 4:3.

ang mga bagay na ito sa atin, at siya ay nagsasagawa ng maraming bagay sa pamamagitan ng kanyang tusong pamamaraan, upang madaya niya ang ating mga mata, sa pag-aakala, marahil, na madadala niya tayo sa isang di kilalang ilang; at matapos na tayo ay kanyang mailigaw palayo, binalak niyang gawing hari ang kanyang sarili at isang pinuno natin, upang magawa niya sa atin ang naaalinsunod sa kanyang kagustuhan at kasiyahan. At sa ganitong pamamaraan pinukaw ng aking kapatid na si Laman ang kanilang mga puso upang magalit.
39 At ito ay nangyari na, na ang Panginoon ay nasa aming panig, oo, maging ang tinig ng Panginoon ay narinig at nagwika ng maraming salita sa kanila, at [a]pinarusahan sila nang labis; at matapos silang parusahan ng tinig ng Panginoon ay iwinaksi nila ang kanilang galit, at pinagsisihan ang kanilang mga kasalanan, kung kaya nga't biniyayaan kaming muli ng Panginoon ng pagkain, nang kami ay hindi mangasawi.

## KABANATA 17

*Inutusan si Nephi na gumawa ng isang sasakyang-dagat—Sinalungat siya ng kanyang mga kapatid—Kanyang pinayuhan sila sa pamamagitan ng pagbabalik-kasaysayan ng pakikipag-ugnayan ng Diyos sa Israel—Napuspos si Nephi ng kapangyarihan ng Diyos—Pinagbawalan ang kanyang mga kapatid na siya ay salingin, baka sila ay malanta katulad ng tuyong tambo. Mga 592–591* B.C.

At ito ay nangyari na, na muli kaming naglakbay sa ilang; at kami ay naglakbay nang halos pasilangan magmula sa panahong yaon. At kami ay naglakbay at nagdanas ng maraming kahirapan sa ilang; at ang aming kababaihan ay nagsilang ng mga anak sa ilang.
2 At napakalaki ng pagpapala ng Panginoon sa amin, na samantalang kami ay nabubuhay sa [a]hilaw na karne sa ilang, ang aming kababaihan ay nagbigay ng saganang gatas sa kanilang mga anak, at malalakas, oo, maging katulad ng kalalakihan; at nagsimula nilang batahin ang kanilang mga paglalakbay nang walang mga karaingan.
3 At sa gayon nakikita natin na ang mga kautusan ng Diyos ay tiyak na matutupad. At kung mangyayari na ang mga anak ng tao ay [a]susunod sa mga kautusan ng Diyos kanya silang palulusugin, at pinalalakas sila, at naglalaan ng paraan upang kanilang maisagawa ang bagay na kanyang iniuutos sa kanila; anupa't siya ay [b]naglaan ng aming ikabubuhay habang kami ay pansamantalang naninirahan sa ilang.
4 At kami ay pansamantalang

39*a* GBK Parusa, Pagpaparusa.
**17** 2*a* 1 Ne. 17:12.
3*a* Mos. 2:41; Alma 26:12. GBK Pagsunod, Masunurin, Sumunod.
*b* 1 Ne. 3:7.

nanirahan sa ilang sa loob ng
maraming taon, oo, maging wa-
long taon sa ilang.
5 At dumating kami sa lupain
na aming tinawag na Masaga-
na, dahil sa doon ay maraming
bungang-kahoy at gayon din ng
pulut-pukyutan; at ang lahat ng
bagay na ito ay inihanda ng Pa-
nginoon upang kami ay huwag
masawi. At namasdan namin
ang dagat, na tinawag naming
Irreantum, na, ibig ipakahulu-
gan, ay maraming tubig.
6 At ito ay nangyari na, na iti-
nayo namin ang aming mga tol-
da sa tabing dagat; at sa kabila
ng aming dinanas na maraming
[a]pagdurusa at labis na kahira-
pan, oo, maging napakarami na
hindi namin maisulat na lahat,
kami ay labis na nagalak nang
kami ay sumapit sa tabing da-
gat; at tinawag namin ang pook
na Masagana, dahil sa pagka-
karoon nito ng maraming bu-
ngang-kahoy.
7 At ito ay nangyari na, na
makaraang ako, si Nephi, ay na-
kapamalagi sa lupain ng Masa-
gana sa loob ng maraming araw,
ang tinig ng Panginoon ay na-
ngusap sa akin, sinasabing: Bu-
mangon ka, at umakyat ka sa
bundok. At ito ay nangyari na,
na ako ay bumangon at umak-
yat sa bundok, at nagsumamo
sa Panginoon.
8 At ito ay nangyari na, na na-
ngusap sa akin ang Panginoon,
sinasabing: Ikaw ay gumawa ng
isang sasakyang-dagat, alinsu-
nod sa [a]pamamaraang ipakiki-
ta ko sa iyo, upang maitawid
ko ang iyong mga tao sa kabila
ng mga tubig na ito.
9 At sinabi ko: Panginoon, saan
po ako patutungo upang ma-
katagpo ng inang minang tutu-
nawin, upang makagawa ako ng
mga kagamitan sa pagyari ng
sasakyang-dagat alinsunod sa
pamamaraang ipinakita ninyo
sa akin?
10 At ito ay nangyari na, na
sinabi sa akin ng Panginoon
kung saan ako nararapat pu-
munta upang makatagpo ng
inang mina, nang makagawa
ako ng mga kagamitan.
11 At ito ay nangyari na, na
ako, si Nephi, ay gumawa ng
bulusang pang-ihip sa apoy, na
yari sa mga balat ng mga ha-
yop; at matapos na ako ay ma-
kagawa ng bulusan, nang ako
ay magkaroon ng pang-ihip sa
apoy, pinagkiskis ko ang dala-
wang bato upang makapagpa-
ningas ako ng apoy.
12 Sapagkat hindi kami pi-
nahintulutan ng Panginoon na
kami ay magpaningas ng ma-
raming apoy, habang kami ay
naglalakbay sa ilang; sapagkat
sinabi niya: Gagawin kong ma-
tamis ang pagkain ninyo, nang
hindi na ninyo ito [a]iluto;
13 At ako rin ang magiging
tanglaw ninyo sa ilang; at [a]iha-
handa ko ang landas na inyong
tatahakin, kung mangyayaring
inyong susundin ang mga ka-
utusan ko; anupa't habang in-
yong sinusunod ang aking mga
kautusan, kayo ay aakayin pa-

6*a* 2 Ne. 4:20.
8*a* 1 Ne. 18:2.
12*a* 1 Ne. 17:2.
13*a* Alma 37:38–39.

tungo sa [b]lupang pangako; at [c]malalaman ninyo na sa pamamagitan ko kayo ay naakay.

14 Oo, at sinabi rin ng Panginoon na: Matapos na kayo ay makarating sa lupang pangako, [a]makikilala ninyo na Ako, ang Panginoon, ay [b]Diyos; at na Ako, ang Panginoon, ang nagligtas sa inyo sa pagkalipol; oo, na inilabas ko kayo sa lupain ng Jerusalem.

15 Kaya nga, ako, si Nephi, ay nagsikap na sundin ang mga kautusan ng Panginoon, at pinayuhan ko ang aking mga kapatid tungo sa katapatan at pagsisikap.

16 At ito ay nangyari na, na ako ay gumawa ng mga kagamitang yari sa inang mina na tinunaw ko mula sa malaking bato.

17 At nang makita ng aking mga kapatid na ako ay magsisimulang [a]gumawa ng sasakyang-dagat, sila ay nagsimulang bumulung-bulong laban sa akin, sinasabing: Ang ating kapatid ay isang hangal, sapagkat inaakala niya na siya ay makagagawa ng isang sasakyang-dagat; oo, at inaakala rin niyang makatatawid siya sa malawak na tubig na ito.

18 At sa gayon dumaing ang aking mga kapatid laban sa akin, at nagnais na huwag silang gumawa, sapagkat hindi sila naniwala na ako ay makagagawa ng isang sasakyang-dagat; ni sila ay maniwala na ako ay inatasan ng Panginoon.

19 At ngayon ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay labis na nalungkot dahil sa katigasan ng kanilang mga puso; at ngayon, nang mapuna nila na ako ay nagsimulang malungkot sila ay natuwa sa kanilang mga puso, kung kaya nga't sila ay [a]nagsaya sa aking pagkalungkot, sinasabing: Alam naming hindi mo kayang gumawa ng sasakyang-dagat, sapagkat alam naming kulang ka sa kaalaman, kaya nga, hindi mo kayang isagawa ang ganyang napakalaking gawain.

20 At ikaw ay katulad ng ating ama, nalinlang ng mga hangal na [a]guni-guni ng kanyang puso; oo, inakay niya tayo palabas ng lupain ng Jerusalem, at tayo ay gumala-gala sa ilang sa maraming taong ito; at ang ating kababaihan ay nagpapakahirap, kahit na sila ay may dinadala sa sinapupunan; at sila ay nagsilang ng mga anak sa ilang at nagdanas ng lahat ng hirap, maliban sa kamatayan; at mabuti pang sila ay nangamatay bago sila lumisan sa Jerusalem kaysa nagdanas ng mga kahirapang ito.

21 Masdan, sa maraming taong ito, tayo ay nagdusa sa ilang, sa panahong maaari sana nating natamasa ang ating mga ariarian at ang lupaing ating mana; oo, at tayo sana ay naging maligaya.

22 At alam namin na ang mga taong nasa lupain ng Jerusalem

13*b* 1 Ne. 2:20; Jac. 2:12.
*c* Ex. 6:7.
14*a* 2 Ne. 1:4.
GBK Patotoo.
*b* D at T 5:2.
17*a* 1 Ne. 18:1–6.
19*a* GBK Usigin, Pag-uusig.
20*a* 1 Ne. 2:11.

ay [a]mabubuting tao; sapagkat kanilang sinunod ang mga batas at kahatulan ng Panginoon, at lahat ng kanyang kautusan, alinsunod sa mga batas ni Moises; kaya nga, alam namin na sila ay mabubuting tao; at hinatulan sila ng ating ama, at inilayo tayo sapagkat nakinig tayo sa kanyang mga salita; oo, at ang ating kapatid ay katulad niya. At sa ganitong pamamaraan ng pananalita ang mga kapatid ko ay bumulung-bulong at dumaing laban sa amin.

23 At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay nangusap sa kanila, sinasabing: Naniniwala ba kayo na ang ating mga ama, na mga anak ni Israel, ay nailayo sa mga kamay ng mga taga-Egipto kung hindi sila nakinig sa mga salita ng Panginoon?

24 Oo, inaakala ba ninyong mahahango sila mula sa pagkaalipin, kung hindi nag-utos ang Panginoon kay Moises na [a]hanguin sila mula sa pagkaalipin?

25 Ngayon alam ninyo na ang mga anak ni Israel ay nasa [a]pagkaalipin; at alam ninyo na sila ay batbat ng mga [b]gawain, na mahirap pasanin; anupa't alam ninyo na talagang isang mabuting bagay para sa kanila, na sila ay mahango mula sa pagkaalipin.

26 Ngayon alam ninyong si [a]Moises ay inutusan ng Panginoon na gawin ang dakilang gawaing yaon; at alam ninyo na sa pamamagitan ng kanyang [b]salita ang mga tubig ng Dagat na Pula ay nahati dito at doon, at sila ay tumawid sa tuyong lupa.

27 Subalit alam ninyo na ang mga taga-Egipto ay nangalunod sa Dagat na Pula, sila na mga hukbo ng Faraon.

28 At alam din ninyo na sila ay pinakain ng [a]manna sa ilang.

29 Oo, at alam din ninyong [a]hinampas ni Moises ang malaking bato, sa pamamagitan ng kanyang mga salita, alinsunod sa kapangyarihan ng Diyos na nasa kanya, at doon ay bumukal ang tubig, upang mapawi ng mga anak ni Israel ang kanilang uhaw.

30 At sa kabila ng sila ay inaakay ng Panginoon nilang Diyos, na kanilang Manunubos, na nangunguna sa kanila, pinapatnubayan sila sa araw at nagbibigay-liwanag sa kanila sa gabi, at ginawa ang lahat ng bagay para sa kanila na [a]kapaki-pakinabang na tanggapin ng tao, ay pinatigas nila ang kanilang mga puso at binulag ang kanilang mga isip, at [b]nilait si Moises at ang tunay at buhay na Diyos.

31 At ito ay nangyari na, na alinsunod sa kanyang salita sila

22*a* 1 Ne. 1:13.
24*a* Ex. 3:2–10; 1 Ne. 19:10; 2 Ne. 3:9; 25:20.
25*a* Gen. 15:13–14.
*b* Ex. 1:11; 2:11.
26*a* Gawa 7:22–39.
*b* Ex. 14:21–31; 1 Ne. 4:2; Mos. 7:19; Hel. 8:11; D at T 8:3; Moi. 1:25.
28*a* Ex. 16:4, 14–15, 35; Blg. 11:7–8; Deut. 8:3; Mos. 7:19.
29*a* Ex. 17:6; Blg. 20:11; Deut. 8:15; 1 Ne. 20:21.
30*a* D at T 18:18; 88:64–65.
*b* Ex. 32:8; Blg. 14:2–3; Ez. 20:13–16; D at T 84:23–25.

ay [a]nilipol niya; at alinsunod sa kanyang salita sila ay [b]pinatnubayan niya; at alinsunod sa kanyang salita ay ginawa niya ang lahat ng bagay para sa kanila; at walang anumang bagay ang naganap maliban sa pamamagitan ng kanyang salita.

32 At matapos na sila ay makatawid sa ilog Jordan sila ay ginawa niyang makapangyarihan tungo sa [a]pagtataboy sa mga anak ng lupain, oo, hanggang sa magsipangalat sila sa pagkawasak.

33 At ngayon, inaakala ba ninyo na ang mga anak ng lupaing ito, na nasa lupang pangako, na naitaboy ng ating mga ama, inaakala ba ninyo na sila ay mabubuti? Masdan, sinasabi ko sa inyo, Hindi.

34 Inaakala ba ninyo na ang ating mga ama ay higit na pipiliin kaysa kanila kung sila ay naging mabubuti? Sinasabi ko sa inyo, Hindi.

35 Masdan, pantay ang pagpapahalaga ng Panginoon sa lahat ng [a]tao; siya na [b]mabuti ay [c]pinagpapala ng Diyos. Subalit masdan, ang mga taong ito ay tinanggihan ang bawat salita ng Diyos, at sila ay hinog na sa kasamaan; at ang kaganapan ng poot ng Diyos ay napasakanila; at isinumpa ng Panginoon ang lupain laban sa kanila, at pinagpala ito para sa ating mga ama; oo, isinumpa niya ito laban sa kanila tungo sa kanilang pagkalipol, at pinagpala niya iyon para sa ating mga ama tungo sa kanilang pagtatamo ng kapangyarihan dito.

36 Masdan, [a]nilikha ng Panginoon ang [b]mundo upang ito ay [c]matirahan; at nilikha niya ang kanyang mga anak upang magmay-ari nito.

37 At kanyang [a]ibinabangon ang isang mabuting bansa, at winawasak ang mga bansa ng masasama.

38 At kanyang inaakay palayo ang mabubuti patungo sa mga natatanging [a]lupain, at ang [b]masasama ay kanyang nalilipol, at isinusumpa ang lupain sa kanila nang dahil sa kanila.

39 Siya ay namamahala sa kaitaasan sa kalangitan, sapagkat ito ang kanyang trono, at ang lupang ito ang kanyang [a]tuntungan.

40 At kanyang minamahal sila na mga tatanggap sa kanya bilang kanilang Diyos. Masdan, minahal niya ang ating mga ama, at siya ay [a]nakipagtipan sa kanila, oo, maging kina Abraham, [b]Isaac, at [c]Jacob; at naalaala

31*a* Blg. 26:65.
*b* 1 Ne. 5:15; D at T 103:16–18.
32*a* Blg. 33:52–53; Jos. 24:8.
35*a* Gawa 10:15, 34; Rom. 2:11; 2 Ne. 26:23–33.
*b* Awit 55:22; 1 Ne. 22:17.
*c* 1 Sam. 2:30; Awit 97:10; 145:20; Alma 13:4; D at T 82:10.
36*a* GBK Likha, Paglikha.
*b* GBK Mundo.
*c* Is. 45:18; Abr. 3:24–25.
37*a* Kaw. 14:34; 1 Ne. 4:13; Eter 2:10; D at T 117:6.
38*a* GBK Lupang Pangako.
*b* Lev. 20:22.
39*a* Is. 66:1; D at T 38:17; Abr. 2:7.
40*a* GBK Tipang Abraham.
*b* Gen. 21:12; D at T 27:10.
*c* Gen. 28:1–5.

niya ang mga tipang kanyang
ginawa; kaya nga, kanyang ini-
labas sila sa lupain ng [d]Egipto.
41 At sila ay pinaghigpitan
niya sa ilang sa pamamagitan
ng kanyang pamalo; sapagkat
[a]pinatigas nila ang kanilang mga
puso, maging katulad ninyo; at
pinaghigpitan sila ng Pangino-
on dahil sa kanilang kasamaan.
Nagpadala siya ng nagliliyab
na mga [b]ahas na lumilipad sa
kanila; at matapos na matuklaw
sila ay inihanda niya ang paraan
upang sila ay [c]gumaling; at ang
gawaing dapat nilang tupdin ay
tumingin; at dahil sa [d]kagaanan
ng paraan, o kadalian nito, ma-
rami ang nangasawi.
42 At pinatigas nila ang kani-
lang mga puso sa pana-pana-
hon, at [a]nilait nila si [b]Moises, at
gayon din ang Diyos; gayon pa
man, alam ninyo na sila ay ina-
kay ng kanyang hindi mapapan-
tayang kapangyarihan patungo
sa lupang pangako.
43 At ngayon, matapos ang la-
hat ng bagay na ito, sumapit ang
panahon na sila ay naging masa-
sama, oo, halos sa pagkahinog;
at hindi ko alam subalit sa mga
araw na ito sila ay malapit nang
malipol; sapagkat alam kong ti-
yak na darating ang araw na sila
ay tiyak na malilipol, maliban
sa ilan lamang, na madadala sa
pagkabihag.
44 Anupa't [a]inutusan ng Pa-
nginoon ang aking ama na mag-
tungo sa ilang; at ang mga Judio
rin ay naghangad na kitlin ang
kanyang buhay; oo, at [b]kayo rin
ay naghangad na kitlin ang kan-
yang buhay; kaya nga, kayo ay
mga mamamatay-tao sa inyong
mga puso at kayo ay katulad nila.
45 Kayo ay [a]mabilis sa pagga-
wa ng kasamaan subalit maba-
gal sa pag-aalaala sa Panginoon
ninyong Diyos. Nakakita kayo
ng isang [b]anghel, at nangusap
siya sa inyo; oo, manaka-naka
ay narinig ninyo ang kanyang
tinig; at siya ay nangusap sa
inyo sa isang marahan at bana-
yad na tinig, datapwat kayo ay
[c]manhid, kung kaya't hindi nin-
yo madama ang kanyang mga
salita; kaya nga, siya ay nangu-
sap sa inyo tulad ng tinig ng
kulog, na nagpayanig sa lupa
na parang ito ay mabibiyak.
46 At alam din ninyo na sa
pamamagitan ng [a]bisa ng kan-
yang makapangyarihang salita
ay magagawa niyang ang mun-
do ay palipasin; oo, at alam nin-
yo na sa pamamagitan ng kan-
yang salita ay magagawa niyang
ang mga baku-bakong pook ay
maging makikinis, at ang ma-
kikinis na pook ay mawawasak.
O, kung gayon, bakit napakati-
gas ng inyong mga puso?
47 Masdan, ang aking kalulu-
wa ay ginigiyagis ng dalamhati
dahil sa inyo, at ang aking puso

40*d* Deut. 4:37.
41*a* 2 Hari 17:7–23.
*b* Blg. 21:4–9;
Deut. 8:15;
Alma 33:18–22.
*c* Juan 3:13–15;
2 Ne. 25:20.
*d* Alma 37:44–47;
Hel. 8:15.
42*a* Blg. 14:1–12.
gbk Paghihimagsik.
*b* D at T 84:23–24.
44*a* 1 Ne. 2:1–2.
*b* 1 Ne. 16:37.
45*a* Mos. 13:29.
*b* 1 Ne. 4:3.
*c* Ef. 4:19.
46*a* Hel. 12:6–18.

ay nasasaktan; ako ay natatakot na baka kayo ay itakwil magpakailanman. Masdan, ako ay [a]puspos ng Espiritu ng Diyos, kung kaya nga't ang aking katawan ay [b]walang lakas.

48 At ngayon ito ay nangyari na, nang sabihin ko ang mga salitang ito sila ay nagalit sa akin, at nagnais na ihagis ako sa kailaliman ng dagat; at nang sila ay palapit na upang pagbuhatan ako ng kamay ako ay nangusap sa kanila, sinasabing: Sa pangalan ng Pinakamakapangyarihang Diyos, inuutusan ko kayong huwag ninyo akong [a]salingin, sapagkat ako ay puspos ng [b]kapangyarihan ng Diyos, maging hanggang sa pagkadaig ng aking laman; at sinuman ang magbubuhat ng kamay sa akin ay [c]malalantang katulad ng tuyong tambo; at siya ay mawawalang-kabuluhan sa harapan ng kapangyarihan ng Diyos, sapagkat babagabagin siya ng Diyos.

49 At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay nagsabi sa kanila na huwag na silang bumulung-bulong pa laban sa kanilang ama; ni huwag nilang ipagkait ang kanilang gawain sa akin, sapagkat ang Diyos ang siyang nag-utos sa akin na ako ay gumawa ng sasakyang-dagat.

50 At sinabi ko sa kanila: [a]Kung Diyos ang nag-utos sa aking gawin ang lahat ng bagay ang mga yaon ay magagawa ko. Kung uutusan niya akong sabihin ko sa tubig na ito, ikaw ay maging lupa, ito ay magiging lupa; at kung ito ay sasabihin ko, ito ay mangyayari.

51 At ngayon, kung ang Panginoon ay may gayon kadakilang kapangyarihan, at makagagawa ng maraming himala sa mga anak ng tao, paanong hindi niya ako maaaring [a]atasan, na ako ay gumawa ng sasakyang-dagat?

52 At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay nangusap ng maraming bagay sa aking mga kapatid, kung kaya nga't sila ay nalito at hindi na nakipagtalo laban sa akin; ni hindi nila ako mapagbuhatan ng kanilang mga kamay o masaling ako ng kanilang mga daliri, maging sa loob ng maraming araw. Ngayon hindi sila nagtangkang gawin ito at baka maluoy sila sa harapan ko, lubhang napakalakas ng [a]Espiritu ng Diyos; at ito ay nakapangyari sa kanila.

53 At ito ay nangyari na, na nangusap sa akin ang Panginoon: Iunat mong muli ang iyong mga kamay sa iyong mga kapatid, at sila ay hindi maluluoy sa harapan mo, datapwat panginginigin ko sila, wika ng Panginoon, at ito ay gagawin ko, upang makilala nila na ako ang Panginoon nilang Diyos.

54 At ito ay nangyari na, na iniunat ko ang aking kamay sa aking mga kapatid, at sila ay

47*a* Mi. 3:8.
*b* 1 Ne. 19:20.
48*a* Mos. 13:3.
*b* 2 Ne. 1:26–27.
GBK Kapangyarihan.
*c* 1 Hari 13:4–7.
50*a* Fil. 4:13;
1 Ne. 3:7.
51*a* Gen. 6:14–16;
1 Ne. 18:1.
52*a* GBK Espiritu Santo.

hindi naluoy sa harapan ko; subalit pinanginig sila ng Panginoon, maging alinsunod sa salitang kanyang winika.
55 At ngayon, kanilang sinabi: Nalalaman namin nang may katiyakan na ang Panginoon ay sumasaiyo, sapagkat alam namin na ang kapangyarihan ng Panginoon ang yumanig sa amin. At sila ay nagpatirapa sa harapan ko, at ako ay [a]sasambahin na sana, datapwat pinigilan ko sila, sinasabing: Ako ay inyong kapatid, oo, maging inyong nakababatang kapatid; kaya nga, sambahin ninyo ang Panginoon ninyong Diyos, at igalang ang inyong ama at inyong ina, nang humaba ang inyong mga [b]araw sa lupaing ipagkakaloob sa inyo ng Panginoon ninyong Diyos.

## KABANATA 18

*Ang sasakyang-dagat ay natapos—Ang pagsilang nina Jacob at Jose ay binanggit—Lumulan ang magkakasama patungo sa lupang pangako—Ang mga anak na lalaki ni Ismael at ang kanilang mga asawa ay nakihalo sa maingay at magulong pagsasaya at paghihimagsik—Si Nephi ay iginapos, at ang sasakyang-dagat ay itinaboy pabalik ng isang nakasisindak na bagyo—Pinalaya si Nephi at sa pamamagitan ng kanyang panalangin ay tumigil ang bagyo—Dumating ang mga tao sa lupang pangako. Mga 591–589* B.C.

At ito ay nangyari na, na kanilang sinamba ang Panginoon, at sila ay humayong kasama ko; at kami ay gumawa ng mga kahoy na kakaiba ang kayarian. At ipinakita sa akin ng Panginoon sa pana-panahon kung sa anong pamamaraan nararapat kong gawin ang mga kahoy ng sasakyang-dagat.
2 Ngayon ako, si Nephi, ay hindi ginawa ang mga kahoy alinsunod sa pamamaraang natutuhan ng tao, ni aking binuo ang sasakyang-dagat alinsunod sa pamamaraan ng tao; kundi binuo ko ito alinsunod sa pamamaraang ipinakita ng Panginoon sa akin; kaya nga, hindi ito alinsunod sa pamamaraan ng tao.
3 At ako, si Nephi, ay madalas na umakyat sa bundok, at madalas akong [a]nanalangin sa Panginoon; anupa't [b]nagpakita sa akin ang Panginoon ng mga dakilang bagay.
4 At ito ay nangyari na, nang matapos ko ang sasakyang-dagat, alinsunod sa salita ng Panginoon, namasdan ng aking mga kapatid na ito ay kasiya-siya, at ang pagkakagawa niyon ay lubhang mahusay; kaya nga, [a]nagpakumbaba silang muli sa harapan ng Panginoon.
5 At ito ay nangyari na, na ang tinig ng Panginoon ay nangusap sa aking ama, na kami ay nararapat bumangon at bumaba patungo sa sasakyang-dagat.
6 At ito ay nangyari na, na ki-

55*a* Gawa 14:11–15.
*b* Ex. 20:12; Mos. 13:20.
**18** 3*a* GBK Panalangin.
*b* GBK Paghahayag.
4*a* 1 Ne. 16:5.

nabukasan, matapos na maihan-
da namin ang lahat ng bagay,
maraming bungang-kahoy at
[a]karne mula sa ilang, at saga-
nang pulot, at mga panustos
alinsunod sa iniutos sa amin
ng Panginoon, kami ay buma-
ba patungo sa sasakyang-dagat,
dala ang lahat ng aming dala-
dalahan at mga binhi, at anu-
mang bagay na dala-dala na-
min, bawat isa alinsunod sa
kanyang gulang; samakatwid,
bumaba kaming lahat patungo
sa sasakyang-dagat, kasama ang
aming mga asawa't anak.
7 At ngayon, isinilang sa aking
ama ang dalawang anak na lala-
ki sa ilang; ang nakatatanda ay
tinawag na [a]Jacob at ang naka-
babata ay [b]Jose.
8 At ito ay nangyari na, na ma-
tapos na kaming lahat ay ma-
kalulan sa sasakyang-dagat, at
madala ang aming mga panus-
tos at bagay na iniutos sa amin,
kami ay naglayag sa [a]dagat at
itinaboy ng hangin patungo sa
[b]lupang pangako.
9 At makaraang kami ay maita-
boy ng hangin sa loob ng mara-
ming araw, masdan, ang aking
mga kapatid at ang mga anak
na lalaki ni Ismael at gayon din
ang kanilang mga asawa ay nag-
simulang magsaya, kung kaya
nga't sila ay nagsimulang su-
mayaw, at umawit, at magsali-
ta nang may labis na kagaspa-
ngan, oo, maging hanggang sa
kanilang malimutan sa anong
kapangyarihan sila nadala roon;
oo, sila ay natangay sa labis na
kagaspangan.
10 At ako, si Nephi, ay nagsi-
mulang matakot nang labis na
baka ang Panginoon ay magalit
sa amin, at bagabagin kami da-
hil sa aming kasamaan, na kami
ay malulon sa kailaliman ng da-
gat; kaya nga, ako, si Nephi, ay
nagsimulang magsalita sa ka-
nila nang mahinahon; subalit
masdan, sila ay [a]nagalit sa akin,
sinasabing: Ayaw namin na ang
aming nakababatang kapatid
ang siyang [b]mamuno sa amin.
11 At ito ay nangyari na, na si-
nunggaban ako nina Laman at
Lemuel at iginapos ako sa pa-
mamagitan ng mga lubid, at sila
ay labis na nagmalupit sa akin;
gayon pa man, [a]pinahintulutan
ito ng Panginoon upang mai-
pakita niya ang kanyang ka-
pangyarihan, tungo sa katupa-
ran ng kanyang salita na sinabi
niya hinggil sa masasama.
12 At ito ay nangyari na, na
matapos nila akong igapos kung
kaya nga't hindi ako makaga-
law, ang [a]aguhon, na inihanda
ng Panginoon, ay tumigil sa
paggalaw.
13 Anupa't, hindi nila mala-
man kung saan nila nararapat
isuling ang sasakyang-dagat,
hanggang sa may namuong

6*a* 1 Ne. 17:2.
7*a* 2 Ne. 2:1.
*b* 2 Ne. 3:1.
8*a* 2 Ne. 10:20.
*b* 1 Ne. 2:20.
GBK Lupang
Pangako.
10*a* 1 Ne. 17:17–55.
*b* Gen. 37:9–11;
1 Ne. 16:37–38;
2 Ne. 1:25–27.
11*a* Alma 14:11.
12*a* 1 Ne. 16:10, 16, 26;
2 Ne. 5:12;
Alma 37:38–47;
D at T 17:1.

isang malakas na bagyo, oo,
isang malakas at nakasisindak
na bagyo, at kami ay [a]itinaboy
pabalik sa ibabaw ng mga tubig
sa loob ng tatlong araw; at sila
ay nagsimulang matakot nang
labis na baka sila ay malunod sa
dagat; gayunpaman, hindi nila
ako kinalagan.
14 At sa ikaapat na araw, na
kami ay itinaboy pabalik, ang
bagyo ay nagsimulang maging
lalong matindi.
15 At ito ay nangyari na, na
kami ay halos malulon na sa
kailaliman ng dagat. At maka-
raang kami ay itaboy pabalik
sa ibabaw ng mga tubig sa loob
ng apat na araw, nagsimulang
[a]matanto ng aking mga kapatid
na ang mga kahatulan ng Diyos
ay napasakanila, at sila ay tiyak
na masasawi maliban kung sila
ay magsisisi sa kanilang mga
kasamaan; kaya nga, lumapit
sila sa akin, at kinalag ang mga
gapos sa aking mga galangga-
langan, at masdan, ang mga ito
ay labis na namaga; at gayon
din, ang aking bukung-bukong
ay lubhang namaga, at labis ang
pananakit niyon.
16 Gayunpaman, ako ay uma-
sa sa aking Diyos, at [a]pinapuri-
han siya sa buong maghapon;
at hindi ako bumulung-bulong
laban sa Panginoon dahil sa
aking mga paghihirap.
17 Ngayon, ang aking ama, si
Lehi, ay nangusap ng maraming
bagay sa kanila, at gayon din sa
mga anak na lalaki ni [a]Ismael;
subalit masdan, sila ay nangu-
sap ng maraming pananakot la-
ban sa sinumang magsasalita
para sa akin; at ang aking mga
magulang na matatanda na, at
nagdanas ng lubhang maraming
pagdadalamhati dahil sa kani-
lang mga anak, sila ay naratay,
oo, maging sa kanilang higaan.
18 Dahil sa kanilang pagdada-
lamhati at labis na kalungkutan,
at sa kasamaan ng aking mga
kapatid, sila ay nalapit sa kala-
gayang halos ay muntik nang
makipagkita sa kanilang Diyos;
oo, ang kanilang mapuputing
buhok ay malapit nang humim-
lay sa alabok; oo, maging hang-
gang sa sila ay halos muntik
nang maihulog nang may ka-
lungkutan sa matubig na libi-
ngan.
19 At si Jacob gayon din si Jose,
sapagkat mga bata pa, na na-
ngangailangan ng hustong pag-
kandili, ay nagdalamhati dahil
sa mga paghihirap ng kanilang
ina; at gayon din ang mga luha
ng [a]aking asawa at kanyang
pagsusumamo, at ng akin ding
mga anak, ay hindi nakapagpa-
lambot ng mga puso ng aking
mga kapatid upang ako ay ka-
lagan nila.
20 At walang iba maliban sa
kapangyarihan ng Diyos, na
nagbanta sa kanila ng pagkali-
pol, ang maaaring makapagpa-
lambot sa kanilang mga puso;
anupa't nang kanilang mapag-
tanto na sila ay malapit nang
malulon sa kailaliman ng dagat

13*a* Mos. 1:17.
15*a* Hel. 12:3.
16*a* Alma 36:28.
17*a* 1 Ne. 7:4–20.
19*a* 1 Ne. 7:19; 16:7.

na pinagsisihan nila ang bagay
na kanilang ginawa, kung kaya
nga't ako ay kinalagan nila.
21 At ito ay nangyari na, na
matapos na ako ay kalagan nila,
masdan, kinuha ko ang aguhon,
at ito ay gumalaw kahit saan ko
man naisin. At ito ay nangyari
na, na ako ay nanalangin sa Pa-
nginoon; at makaraang ako ay
makapanalangin, ang hangin ay
huminto, at ang bagyo ay tumi-
gil, at nagkaroon ng ganap na
katiwasayan.
22 At ito ay nangyari na, na
ako, si Nephi, ang umugit sa sa-
sakyang-dagat, na kami ay nag-
layag na muli patungo sa lu-
pang pangako.
23 At ito ay nangyari na, na
makaraang kami ay makapagla-
yag sa loob ng maraming araw
kami ay sumapit sa lupang pa-
ngako; at kami ay dumaong sa
lupa, at nagtayo ng aming mga
tolda; at tinawag namin itong
[a]lupang pangako.
24 At ito ay nangyari na, na
nagsimula kaming magbungkal
ng lupa, at kami ay nagsimu-
lang magtanim ng mga binhi;
oo, itinanim namin ang lahat ng
aming binhi sa lupa, na aming
dinala buhat sa lupain ng Jeru-
salem. At ito ay nangyari na, na
ang mga yaon ay lubhang nag-
siyabong; anupa't kami ay pi-
nagpala nang sagana.
25 At ito ay nangyari na, na
aming natagpuan sa lupang pa-
ngako, sa aming paglalakbay sa
ilang, na may lahat ng uri ng
hayop sa kagubatan, kapwa ng
baka at ng toro, at ng asno at ng
kabayo, at ang kambing at ang
mailap na kambing, at lahat ng
uri ng mababangis na hayop, na
para sa gamit ng tao. At aming
natagpuan ang lahat ng uri ng
inang mina, kapwa ng ginto, at
ng pilak, at ng tanso.

## KABANATA 19

*Si Nephi ay gumawa ng mga laminang yari sa inang mina at itinala ang kasaysayan ng kanyang mga tao—Paparito ang Diyos ng Israel sa loob ng anim na raang taon mula sa panahong lisanin ni Lehi ang Jerusalem—Sinabi ni Nephi ang kanyang mga pagdurusa at pagkakapako sa krus—Ang mga Judio ay kamumuhian at ikakalat hanggang sa mga huling araw, kung kailan sila magbabalik sa Panginoon. Mga 588–570 B.C.*

At ito ay nangyari na, na na-
pag-utusan ako ng Panginoon,
kaya nga gumawa ako ng mga
laminang yari sa inang mina
upang maiukit ko sa mga yaon
ang talaan ng aking mga tao.
At sa mga [a]laminang aking gi-
nawa ay iniukit ko ang talaan
ng aking [b]ama, at gayon din ang
aming mga paglalakbay sa ilang,
at ang mga propesiya ng aking
ama; at gayon din iniukit ko sa
mga yaon ang marami sa sarili
kong mga propesiya.
2 At hindi ko nalalaman sa pa-
nahong iyon nang gawin ko ang
mga yaon na uutusan ako ng
Panginoong gawin ang mga la-

23*a* GBK Lupang Pangako.

**19** 1*a* GBK Lamina, Mga.
*b* 1 Ne. 1:16–17; 6:1–3.

minang [a]ito; anupa't ang talaan
ng aking ama, at ang talaang-
kanan ng kanyang mga ama, at
ang malaking bahagi ng lahat
ng nangyari sa amin sa ilang ay
nauukit sa mga naunang lamina
na aking sinabi; kaya nga, ang
mga bagay na nangyari bago ko
nagawa ang mga laminang [b]ito
ay, sa katunayan, higit na naba-
banggit sa mga naunang lamina.
3 At matapos kong magawa
ang mga laminang ito sa pama-
magitan ng kautusan, ako, si
Nephi, ay nakatanggap ng ka-
utusan na ang ministeryo at ang
mga propesiya, ang higit na ma-
lilinaw at mahahalagang bahagi
ng mga yaon, ay nararapat isu-
lat sa mga laminang [a]ito; at na
ang mga bagay na nasusulat ay
nararapat na pag-ingatan para
sa kaalaman ng aking mga tao,
na aangkin sa lupain, at sa iba
pa ring [b]matatalinong layunin,
na mga layuning nalalaman ng
Panginoon.
4 Kaya nga, ako, si Nephi, ay
gumawa ng talaan sa iba pang
mga lamina, na nagbibigay ng
ulat, o nagbibigay ng nakarara-
ming ulat ng mga digmaan at
alitan at pagkalipol ng aking
mga tao. At ginawa ko ito, at
inutusan ang aking mga tao
kung ano ang kanilang narara-
pat gawin matapos ang aking
pagpanaw; at na ang mga lami-
nang ito ay nararapat na mag-
pasalin-salin mula sa isang sa-
linlahi at sa iba pang salinlahi,
o mula sa isang propeta at sa
iba pang propeta, hanggang sa
magbigay pa ng kautusan ang
Panginoon.
5 At ang ulat ng [a]paggawa ko
ng mga laminang ito ay ibibi-
gay pagkaraan nito; at pagka-
tapos, masdan, magpapatuloy
ako alinsunod sa aking sinabi;
at ginagawa ko ito upang [b]mai-
ngatan ang higit na banal na
mga bagay para sa kaalaman
ng aking mga tao.
6 Gayon pa man, hindi ako su-
musulat ng anumang bagay sa
mga lamina kundi rin lamang
inaakala kong ito ay [a]banal. At
ngayon, kung nagkamali man
ako, maging sila ay nagkamali
rin noon; hindi sa nagdadahi-
lan ako dahil sa ibang tao, kundi
dahil sa aking sariling [b]kahina-
an, ayon sa laman, papauman-
hinan ko ang aking sarili.
7 Sapagkat ang mga bagay na
ipinalalagay ng ibang tao na na-
pakahalaga, kapwa sa katawan
at sa kaluluwa, ay [a]pinawawa-
lang-saysay ng iba at niyuyura-
kan sa ilalim ng kanilang mga
paa. Oo, maging ang yaon ding
Diyos ng Israel ay [b]niyuyura-
kan ng mga tao sa ilalim ng ka-
nilang mga paa; sinasabi ko,
niyuyurakan sa ilalim ng kani-

2*a* 2 Ne. 5:30.
*b* 1 Ne. 9:1–5.
3*a* Jac. 1:1–4; 3:13–14; 4:1–4.
*b* 1 Ne. 9:4–5; S ni M 1:7; D at T 3:19–20; 10:1–51.
5*a* 2 Ne. 5:28–33.
*b* GBK Banal na Kasulatan, Mga—Mga banal na kasulatan dapat pangalagaan.
6*a* Tingnan ang pamagat na pahina ng Aklat ni Mormon. GBK Banal (pang-uri).
*b* Morm. 8:13–17; Eter 12:23–28.
7*a* 2 Ne. 33:2; Jac. 4:14.
*b* GBK Paghihimagsik.

lang mga paa subalit gagamit
ako ng ibang pananalita—siya
ay kanilang winalang-saysay, at
hindi pinakikinggan ang tinig
ng kanyang mga payo.
8 At masdan, [a]paparito siya,
ayon sa mga salita ng anghel, sa
loob ng [b]anim na raang taon
mula nang lisanin ng aking ama
ang Jerusalem.
9 At ang sanlibutan, dahil sa
kanilang kasamaan, ay hahatu-
lan siyang isang bagay na wa-
lang saysay; anupa't kanilang
hahagupitin siya, at titiisin niya
ito; at kanilang sasampalin siya,
at titiisin niya ito. Oo, kanilang
[a]luluraan siya, at titiisin niya ito,
dahil sa kanyang mapagkandi-
ling pagmamahal at mahabang
pagtitiis sa mga anak ng tao.
10 At ang [a]Diyos ng ating mga
ama, na [b]inakay palabas ng
Egipto, mula sa pagkaalipin, at
pinangalagaan din niya sa ilang,
oo, ang [c]Diyos ni Abraham, at ni
Isaac, at ang Diyos ni Jacob ay
[d]isinuko ang kanyang sarili,
ayon sa mga salita ng anghel,
bilang isang tao, sa mga kamay
ng masasamang tao, na [e]itataas,
ayon sa mga salita ni [f]Zenok, at
[g]ipapako sa krus, ayon sa mga
salita ni Neum, at ililibing sa
isang [h]puntod, ayon sa mga sa-
lita ni [i]Zenos, na kanyang sinabi
hinggil sa tatlong araw ng [j]kadi-
liman, na ibibigay bilang pala-
tandaan ng kanyang kamata-
yan sa mga yaong naninirahan
sa mga pulo sa dagat, ibinigay
lalung-lalo na sa mga yaong ka-
bilang sa [k]sambahayan ni Israel.
11 Sapagkat ganito ang wika
ng propeta: Tunay na [a]dadala-
win ng Panginoong Diyos ang
buong sambahayan ni Israel sa
araw na yaon, ang ilan ay sa
pamamagitan ng kanyang tinig,
dahil sa kanilang kabutihan, tu-
ngo sa kanilang lubos na kagala-
kan at kaligtasan, at ang iba ay
sa pamamagitan ng [b]pagkulog
at ng pagkidlat sa kanyang ka-
pangyarihan, sa pamamagitan
ng bagyo, sa pamamagitan ng
apoy, at sa pamamagitan ng
usok, at ulap ng [c]kadiliman, at
sa pamamagitan ng pagbubu-
kas ng [d]lupa, at ng mga [e]bundok
na itataas.
12 At ang [a]lahat ng bagay na

8*a* GBK Jesucristo—Mga propesiya hinggil sa pagsilang at kamatayan ni Jesucristo.
*b* 1 Ne. 10:4; 2 Ne. 25:19.
9*a* Is. 50:5–6; Mat. 27:30.
10*a* 2 Ne. 26:12; Mos. 7:27; 27:30–31; Alma 11:38–39; 3 Ne. 11:14–15.
*b* Ex. 3:2–10; 6:6; 1 Ne. 5:15; D at T 136:22.
*c* Gen. 32:9; Mos. 7:19; D at T 136:21. GBK Jehova.
*d* GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala.
*e* 3 Ne. 27:14.
*f* Alma 33:15; 34:7; Hel. 8:19–20; 3 Ne. 10:15–16. GBK Banal na Kasulatan, Mga—Nawawalang mga banal na kasulatan; Zenok.
*g* 2 Ne. 6:9; Mos. 3:9. GBK Pagpapako sa Krus.
*h* Mat. 27:60; Lu. 23:53; 2 Ne. 25:13.
*i* Jac. 6:1; Hel. 15:11. GBK Zenos.
*j* 1 Ne. 12:4–5; Hel. 14:20, 27; 3 Ne. 8:3, 19–23; 10:9.
*k* 3 Ne. 16:1–4.
11*a* 3 Ne. 9:1–22; D at T 5:16.
*b* Hel. 14:20–27; 3 Ne. 8:5–23.
*c* Lu. 23:44–45; 3 Ne. 8:19–20.
*d* 2 Ne. 26:5.
*e* 3 Ne. 8:10.
12*a* Hel. 14:20–28.

ito ay tiyak na matutupad, wika
ng propetang si [b]Zenos. At ang
[c]malalaking bato sa mundo ay
talagang mangabibiyak; at da-
hil sa paghahaluyhoy ng mun-
do, marami sa mga hari ng mga
pulo sa dagat ang mahihimok
ng Espiritu ng Diyos, na mag-
bulalas: Ang Diyos ng kalika-
san ay nagdurusa.
13 At tungkol sa mga yaong
nasa Jerusalem, wika ng prope-
ta, [a]pahihirapan sila ng lahat ng
tao, dahil [b]ipinako nila sa krus
ang Diyos ng Israel, at tinaliku-
ran ng kanilang mga puso, ti-
nanggihan ang mga palatanda-
an at himala, at ang kapangya-
rihan at kaluwalhatian ng Diyos
ng Israel.
14 At sapagkat tumalikod ang
kanilang mga puso, wika ng
propeta, at [a]kinamuhian ang Ba-
nal ng Israel, sila ay magpapa-
gala-gala sa laman, at masasawi,
at magiging [b]bulung-bulungan
at [c]bukambibig, at kapopootan
ng lahat ng bansa.
15 Gayon pa man, kapag du-
mating ang araw na yaon, wika
ng propeta, na [a]hindi na nila ita-
talikod ang kanilang mga puso
sa Banal ng Israel, doon niya
maaalaala ang mga [b]tipan na
kanyang ginawa sa kanilang
mga ama.
16 Oo, doon niya maaalaala
ang mga [a]pulo ng dagat; oo, at
lahat ng taong kabilang sa sam-
bahayan ni Israel ay aking [b]titi-
punin, wika ng Panginoon, ayon
sa mga salita ng propetang si
Zenos, mula sa apat na sulok
ng mundo.
17 Oo, at [a]makikita ng buong
sangkatauhan ang kaligtasan ng
Panginoon, wika ng propeta;
bawat bansa, lahi, wika at tao
ay pagpapalain.
18 At ako, si Nephi, ay isinulat
ang mga bagay na ito para sa
aking mga tao, na baka saka-
ling mahikayat ko sila na alala-
hanin nila ang Panginoon, na
kanilang Manunubos.
19 Samakatwid, nagsasalita ako
sa buong sambahayan ni Israel,
kung sakali mang makuha nila
ang mga bagay na [a]ito.
20 Sapagkat masdan, may pa-
mamatnubay ang Espiritu sa
akin, na pumapagod sa akin
hanggang sa manghina ang la-
hat ng aking kasu-kasuan, para
sa mga yaong nasa Jerusalem;
sapagkat kung hindi naging ma-
awain ang Panginoon, na ipaki-
ta sa akin ang hinggil sa kanila,
maging tulad sa kanyang mga
propeta noon, ako rin sana ay
nasawi na.
21 At tunay na ipinakita niya
sa mga sinaunang [a]propeta ang
lahat ng bagay [b]hinggil sa kanila;

12*b* Jac. 5:1.
*c* Mat. 27:51.
13*a* Lu. 23:27–30.
*b* 2 Ne. 10:3.
14*a* Is. 53:3–6; Mos. 14:3–6.
*b* GBK Judio, Mga.
*c* Deut. 28:37; 1 Hari 9:7; 3 Ne. 16:9.
15*a* 1 Ne. 22:11–12.
*b* GBK Tipang Abraham.
16*a* 1 Ne. 22:4; 2 Ne. 10:21.
*b* Is. 49:20–22. GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
17*a* Is. 40:4–5.
19*a* Enos 1:16; Morm. 5:12; 7:9–10.
21*a* 2 Hari 17:13; Amos 3:7. GBK Propeta.
*b* 3 Ne. 10:16–17.

at ipinakita rin niya sa marami ang hinggil sa amin; anupa't talagang kinakailangan lamang na malaman namin ang hinggil sa kanila sapagkat nasusulat sila sa mga laminang tanso.

22 Ngayon ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay itinuro sa aking mga kapatid ang mga bagay na ito; at ito ay nangyari na, na maraming bagay ang aking binasa sa kanila, na nakaukit sa mga [a]laminang tanso, upang malaman nila ang hinggil sa mga gawain ng Panginoon sa ibang lupain, sa mga tao noon.

23 At binasa ko sa kanila ang maraming bagay na nasusulat sa mga [a]aklat ni Moises; subalit upang lubos ko silang mahikayat na maniwala sa Panginoon nilang Manunubos ay binasa ko sa kanila ang mga isinulat ng propetang si [b]Isaias; sapagkat [c]inihahalintulad ko sa amin ang lahat ng banal na kasulatan, upang ito ay maging para sa aming [d]kapakinabangan at kaalaman.

24 Kaya nga, nangusap ako sa kanila, sinasabing: Pakinggan ninyo ang mga salita ng propeta, kayo na mga labi ng sambahayan ni Israel, isang [a]sangang binali; pakinggan ninyo ang mga salita ng propeta, na isinulat para sa buong sambahayan ni Israel, at ihalintulad yaon sa inyong sarili, upang magkaroon kayo ng pag-asa gayon din ang inyong mga kapatid na kung kanino kayo ay inihiwalay; sapagkat sa ganitong kaparaanan ito isinulat ng propeta.

## KABANATA 20

*Ipinahayag ng Panginoon ang kanyang mga layunin sa Israel—Napili ang Israel sa hurno ng paghihirap at hahayo mula sa Babilonia—Ihambing sa Isaias 48. Mga 588–570 B.C.*

MAKINIG at masdan ito, O sambahayan ni Jacob, na tinatawag sa pangalang Israel, at nagsilabas mula sa mga bukal ng Juda, o mula sa mga tubig ng [a]pagbibinyag, na nagsisumpa sa pangalan ng Panginoon, at nagsibanggit ng Diyos ng Israel, datapwat hindi sila nagsisumpa sa katotohanan ni sa katwiran.

2 Gayon pa man, tinatawag nila ang kanilang sarili alinsunod sa pangalan ng [a]banal na lunsod, subalit hindi sila [b]nanalig sa Diyos ng Israel, na Panginoon ng mga Hukbo; oo, ang Panginoon ng mga Hukbo ang kanyang pangalan.

3 Masdan, aking ipinahayag ang mga [a]dating bagay mula noong una; at yaon ay lumabas mula sa aking bibig, at aking

22*a* 1 Ne. 22:1.
23*a* Ex. 17:14; 1 Ne. 5:11; Moi. 1:40–41.
*b* 1 Ne. 15:20; 2 Ne. 25:4–6; 3 Ne. 23:1.
*c* GBK Banal na Kasulatan, Mga—Kahalagahan ng mga banal na kasulatan.
*d* 2 Ne. 4:15.
24*a* Gen. 49:22–26; 1 Ne. 15:12; 2 Ne. 3:4–5.
**20** 1*a* GBK Pagbibinyag, Binyagan.
2*a* Is. 52:1. GBK Jerusalem.
*b* IE umasa.
3*a* Is. 46:9–10.

ipinakilala sila. Bigla kong ipi-
nakita sila.
4 At ginawa ko ito dahil sa na-
lalaman ko na [a]ikaw ay mapag-
matigas, at ang iyong leeg ay
parang litid na bakal, at ang
iyong noo ay parang tanso.
5 Kaya't aking ipinahayag sa
iyo mula pa noong una; bago
ito nangyari ay ipinakita ko na
ang mga yaon sa iyo; at ipina-
kita ko ang mga yaon dahil sa
pangambang baka iyong sabi-
hin—Ginawa ito ng aking mga
[a]diyus-diyusan, at ng aking ni-
lilok na larawan, at ang aking
larawang binubo ang siyang
nag-utos niyaon.
6 Iyong nakita at narinig ang
lahat ng ito; at hindi ba ninyo
ihahayag ang mga ito? At aking
ipinakita sa inyo ang mga ba-
gong bagay mula sa panahong
ito, maging mga kubling bagay,
at hindi mo nalaman ang mga
ito.
7 Nilikha ngayon ang mga ito,
at hindi noong panahong naka-
lipas, maging bago dumating
ang araw na ito ay hindi mo na-
rinig na ang mga yaon ay ipi-
nahayag sa iyo, baka iyong sa-
bihin—Masdan, aking nalala-
man ang mga yaon.
8 Oo, at hindi mo narinig; oo,
hindi mo nalalaman; oo, mula
noon pa ay hindi nabuksan ang
iyong tainga; sapagkat nalala-
man ko na ikaw ay gumawa ng
totoong may kataksilan, at tina-
wag na [a]makasalanan mula sa
sinapupunan.
9 Gayon pa man, alang-alang
sa aking [a]pangalan ay aking pi-
nipigil ang aking galit, at dahil
sa kapurihan ko ay magtitimpi
sa iyo, upang hindi kita ihiwa-
lay.
10 Sapagkat, masdan, dinalisay
kita, pinili kita mula sa hurno ng
[a]paghihirap.
11 Dahil din sa akin, oo, da-
hil din sa akin, aking gagawin
yaon, sapagkat hindi ko pahi-
hintulutang lapastanganin ang
aking [a]pangalan, at ang kalu-
walhatian ko ay [b]hindi ko ibibi-
gay sa iba.
12 Inyong masdan ako, O Jacob,
at Israel na tinawag ko, sapagkat
ako nga; ako ang [a]una, at ako rin
ang [b]huli.
13 Ang aking kamay ang si-
yang [a]naglagay ng saligan ng
mundo, at ang aking kanang
kamay ang siyang nagladlad ng
kalangitan. Ako ay tumatawag
sa kanila at sila ay nagsisitayong
magkakasama.
14 Kayong lahat, kayo'y mag-
tipun-tipon, at masdan; sino sa
kanila ang nagpahayag ng mga
bagay na ito sa kanila? Siya ay
iniibig ng Panginoon; oo, at kan-
yang [a]tutuparin ang kanyang
mga salita na kanyang ipinaha-
yag sa pamamagitan nila; at
kanyang gagawin ang kanyang

4*a* IE Israel.
5*a* GBK Pagsamba sa Diyus-diyusan.
8*a* Awit 58:3.
9*a* 1 Sam. 12:22; Awit 23:3; 1 Juan 2:12.
10*a* GBK Pagdurusa.
11*a* Jer. 44:26.
*b* Is. 42:8; Moi. 4:1–4.
12*a* Apoc. 1:17; 22:13. GBK Alpha at Omega; Panganay.
*b* GBK Alpha at Omega.
13*a* Awit 102:25. GBK Likha, Paglikha.
14*a* 1 Hari 8:56; D at T 64:31; 76:3.

ikasisiya sa [b]Babilonia, at ang kanyang bisig ay ipapataw sa mga taga-Caldeo.
15 Gayon din, wika ng Panginoon; Ako ang Panginoon, oo, ako ay nagsalita; oo, tinawag ko siya na magpahayag, aking dinala siya, at kanyang pagiginhawain ang kanyang mga gawain.
16 Kayo ay magsilapit sa akin; hindi pa ako nagsalita nang [a]lihim; mula pa sa simula, mula sa panahong ipinahayag ito ako ay nagsalita; at ang Panginoong Diyos, at kanyang Espiritu, ang nagsugo sa akin.
17 At ganito ang wika ng Panginoon, ang inyong [a]Manunubos, ang Banal ng Israel; isinugo ko siya, ang Panginoon mong Diyos na nagtuturo sa iyo ng mapakikinabangan, na [b]pumapatnubay sa iyo sa daang nararapat mong lakaran, ang gumawa nito.
18 O kung dininig mo ang aking mga [a]kautusan—ang iyong kapayapaan ay matutulad sa isang ilog, at ang iyong mga katwiran ay parang mga alon sa dagat.
19 Ang iyong mga [a]binhi ay naging parang buhangin din; ang sisidlan ng iyong tiyan ay parang mga butil niyon; ang kanyang pangalan ay hindi mahihiwalay ni magigiba man sa harapan ko.
20 Kayo ay [a]magsilabas sa Babilonia, inyong takasan ang mga taga-Caldeo, kayo ay magpahayag ng may tinig ng awitan, inyong sabihin ito, itanyag ninyo hanggang sa katapusan ng mundo; inyong sabihin: Tinubos ng Panginoon ang kanyang [b]tagapaglingkod na si Jacob.
21 At sila ay hindi [a]nangauhaw; pinatnubayan niya sila sa mga ilang; kanyang pinaagos ang tubig mula sa malaking [b]bato para sa kanila; kanyang ginuwangan din ang malaking bato at bumukal ang tubig.
22 At sa kabila ng lahat ng ginawa niyang ito, at higit pa rito, walang [a]kapayapaan, wika ng Panginoon, sa masasama.

## KABANATA 21

*Magsisilbing ilaw sa mga Gentil ang Mesiyas at palalayain ang mga bihag—Sa kapangyarihan titipunin ang Israel sa mga huling araw—Ang mga hari ay kanilang magiging mga tagakandiling ama—Ihambing sa Isaias 49. Mga 588–570 B.C.*

1 At muli: Makinig, O kayong sambahayan ni Israel, lahat kayong nakahiwalay at itinaboy dahil sa kasamaan ng mga mangangaral ng aking mga tao; oo, lahat kayong nahiwalay, na ikinalat, na kabilang sa aking mga tao, O sambahayan ni Israel. Makinig, O mga [a]pulo, sa

14*b* GBK Babel, Babilonia.
16*a* Is. 45:19.
17*a* GBK Manunubos.
*b* GBK Inspirasyon; Paghahayag.
18*a* Ec. 8:5.
19*a* Gen. 22:15–19; Os. 1:10.
20*a* Jer. 51:6; D at T 133:5-14.
*b* Is. 44:1–2, 21.
21*a* Is. 41:17–20.
*b* Ex. 17:6; Blg. 20:11; 1 Ne. 17:29; 2 Ne. 25:20.
22*a* GBK Kapayapaan.
**21** 1*a* 1 Ne. 22:4; 2 Ne. 10:20–22.

akin, at makinig kayong mga
tao sa [b]malayo; tinawag ako ng
Panginoon mula sa sinapupu-
nan; mula sa sisidlan ng aking
ina ay binanggit niya ang aking
pangalan.
2 At kanyang ginawa ang
aking bibig na parang matalas
na espada; sa lilim ng kanyang
kamay ay ikinubli niya ako, at
ginawa niya akong makinang
na pana; sa kanyang lalagyan
ng pana ay ikinubli niya ako;
3 At sinabi sa akin: Ikaw ay
aking [a]tagapaglingkod, O Is-
rael, na siyang aking ikalulu-
walhati.
4 Pagkatapos sinabi ko, ako'y
gumagawang walang kabulu-
han, aking ginugol ang aking
lakas sa wala at sa walang ka-
buluhan; tunay na ang aking
kahatulan ay nasa Panginoon,
at ang aking gantimpala ay nasa
aking Diyos.
5 At ngayon, wika ng Pa-
nginoon—na siyang [a]nag-anyo
sa akin mula sa sinapupunan
na maging kanyang tagapag-
lingkod, upang dalhin muli si
Jacob sa kanya—kahit na ang
Israel ay hindi matipon, gayon
pa man ako'y magiging malu-
walhati sa mga mata ng Pa-
nginoon, at ang aking Diyos ang
aking magiging lakas.
6 At sinabi niya: Ito ay maga-
ang na bagay na ikaw ay aking
maging tagapaglingkod upang
ibangon ang mga [a]lipi ni Jacob,
at panumbalikin ang mga labi
ng Israel. Ibibigay rin kitang [b]pi-
naka-ilaw sa mga [c]Gentil, upang
ikaw ay maging aking kaligta-
san hanggang sa katapusan ng
mundo.
7 Ganito ang wika ng Pangino-
on, ang Manunubos ng Israel,
na kanyang Banal, sa kanya na
hinahamak ng tao, sa kanya na
kinapopootan ng mga bansa, sa
tagapaglingkod ng mga nama-
mahala; ang mga hari ay maka-
kikita at magsisibangon, mga
prinsipe rin ay magsisisamba,
dahil sa Panginoong tapat.
8 Ganito ang wika ng Pangino-
on: Sa kalugud-lugod na pana-
hon ay napakinggan kita, O mga
pulo ng dagat, at sa araw ng ka-
ligtasan ay tinulungan kita; at
aking pangangalagaan ka, at ibi-
bigay ko sa iyo ang [a]aking taga-
paglingkod na pinakatipan sa
mga tao, upang itatag ang mun-
do, upang ipamana ang mga
mapanglaw na mana;
9 Na maaari mong masabi sa
mga [a]bilanggo: Kayo'y magsila-
bas; sa kanila na mga nakaupo
sa [b]kadiliman: Magpakita kayo.
Sila'y magsisikain sa mga daan,
at ang kanilang [c]pastulan ay ma-
giging sa lahat ng dako sa kai-
taasan.
10 Sila'y hindi mangagugutom
ni mangauuhaw man, hindi sila
mangapapaso ng init ni ng araw

1*b* D at T 1:1.
3*a* Lev. 25:55; Is. 41:8; D at T 93:45–46.
5*a* Is. 44:24.
6*a* gbk Israel—Ang labindalawang lipi ni Israel.
*b* D at T 103:8–10; Abr. 2:10–11.
*c* 3 Ne. 21:11.
8*a* 2 Ne. 3:6–15; 3 Ne. 21:8–11; Morm. 8:16, 25.
9*a* gbk Kaligtasan para sa mga Patay.
*b* 2 Ne. 3:5.
*c* Ez. 34:14.

man; sapagkat siya na may awa
sa kanila ang papatnubay sa
kanila, maging sa mga bukal
ng tubig ay papatnubayan niya
sila.
11 At aking gagawing daan
ang lahat ng aking mga bundok,
at ang aking mga [a]lansangan ay
patataasin.
12 At pagkatapos, O sambaha-
yan ni Israel, masdan, ang mga
[a]ito ay manggagaling sa malayo;
at narito, ang mga ito na nagmu-
la sa hilaga at mula sa kanluran;
at ang mga ito mula sa lupain ng
Sinim.
13 [a]Magsiawit, O kalangitan;
at magalak, O mundo; sapag-
kat ang mga paa niyaong mga
nasa silangan ay itatatag; at
magsiawitan, O mga bundok;
sapagkat hindi na sila maba-
bagabag pa; sapagkat aaliwin
ng Panginoon ang kanyang mga
tao, at maaawa sa kanya na
naghihirap.
14 Subalit, masdan, sinabi ng
Sion: Pinabayaan ako ng Pa-
nginoon, at kinalimutan ako ng
aking Panginoon—subalit ipa-
kikita niya na hindi gayon.
15 Sapagkat malilimutan ba ng
isang [a]ina ang kanyang anak na
pinasususo, na hindi siya maa-
awa sa anak ng kanyang sina-
pupunan? Oo, maaaring [b]maka-
limot siya, gayon pa man hindi
kita malilimutan, O sambaha-
yan ni Israel.
16 Masdan, aking inanyuan
ka sa mga [a]palad ng aking mga
kamay; ang iyong mga muog
ay laging nasa harapan ko.
17 Ang inyong mga anak ay
magsisipagdali sa mga mang-
wawasak; at ang [a]sumisira sa
iyo ay aalisin mula sa iyo.
18 Itingin mo ang iyong mga
mata sa palibot, at masdan;
lahat ng ito ay sama-samang
[a]nagtitipun-tipon, at paparito
sila sa iyo. At yamang ako ay
buhay, wika ng Panginoon,
ikaw ay mabibihisan ng lahat
ng yaon, na parang pinaka-
gayak, at mabibigkisan ka ng
mga yaon na tulad ng isang ka-
sintahang babae.
19 Sapagkat tungkol sa iyong
mga sira at sa iyong mapapang-
law na dako, at sa iyong lupaing
nawasak, maging ngayon ay
totoong napakakipot dahil sa
mga naninirahan; at silang nag-
sisakmal sa iyo ay mangalalayo.
20 Ang iyong mga magiging
anak, matapos mong mawala
ang una, ay muling magsasabi
sa iyong mga tainga: Ang lugar
ay labis na makipot para sa
akin; bigyan mo ako ng lugar
upang aking matirahan.
21 Pagkatapos sasabihin [a]mo
sa iyong puso: Sino ang nag-
bigay ng mga ito sa akin, nala-
lamang nawalan ako ng mga
anak, at [b]nag-iisa, isang bihag,
at lumalaboy na paroo't parito?
At sinong nagpalaki ng mga ito?
Masdan, ako ay naiwang nag-
iisa; ang mga ito, saan sila nang-
galing?

11*a* Is. 62:10;
D at T 133:23–32.
12*a* Is. 43:5–6.
13*a* Is. 44:23.
15*a* GBK Babae,
Kababaihan.
*b* Is. 41:17;
Alma 46:8;
D at T 61:36.
16*a* Zac. 13:6.
17*a* 3 Ne. 21:12–20.
18*a* Mi. 4:11–13.
21*a* IE Sion.
*b* Is. 54:1;
Gal. 4:27.

22 Ganito ang wika ng Pa-
nginoong Diyos: Masdan, ita-
taas ko ang aking kamay sa mga
[a]Gentil, at itatayo ko ang aking
[b]sagisag sa mga tao; at kakalu-
ngin nila ang iyong mga anak
na lalaki sa kanilang mga [c]bisig,
at ang iyong mga anak na babae
ay papasanin ng kanilang mga
balikat.
23 At mga [a]hari ang iyong ma-
giging mga [b]tagakandiling ama,
at ang kanilang mga reyna ay
iyong mga tagakandiling ina;
magsisiyukod sila sa iyo na ang
kanilang mga mukha ay nasa
lupa, at hihimurin ang alikabok
ng iyong mga paa; at iyong ma-
kikilala na ako ang Panginoon;
sapagkat ang mga [c]naghihintay
sa akin ay hindi mahihiya.
24 Sapagkat makukuha ba sa
makapangyarihan ang kanyang
huli, o ang [a]talagang nabihag ay
makalalaya?
25 Subalit ganito ang wika ng
Panginoon, maging ang mga bi-
hag ng makapangyarihan ay ku-
kunin, at ang huli ng kakila-ki-
labot ay makalalaya; sapagkat
makikipaglaban ako sa kanya
na nakikipaglaban sa iyo, at ili-
ligtas ko ang iyong mga anak.
26 At [a]pakakainin ko sila na
nang-aapi sa iyo ng kanilang
sariling laman; at malalango
sila ng kanilang sariling dugo
gaya ng matamis na alak; at
[b]makikilala ng lahat ng tao na
ako, ang Panginoon, ang iyong
Tagapagligtas at iyong Manu-
nubos, ang [c]Makapangyarihan
ni Jacob.

## KABANATA 22

*Ikakalat ang Israel sa lahat ng dako ng mundo—Aalagaan at pakakainin ng mga Gentil ang Israel sa pamamagitan ng ebanghelyo sa mga huling araw—Ang Israel ay matitipon at maliligtas, at masusunog ang masasama na parang pinaggapasan—Wawasakin ang kaharian ng diyablo at si Satanas ay igagapos. Mga 588–570* B.C.

AT ngayon ito ay nangyari na,
na matapos na ako, si Nephi, ay
mabasa ang mga bagay na ito na
nauukit sa mga [a]laminang tan-
so, lumapit sa akin ang aking
mga kapatid at sinabi sa akin:
Ano ang kahulugan ng mga ba-
gay na ito na iyong binasa? Mas-
dan, ang kahulugan ba ng mga
yaon ay ayon sa mga bagay na
espirituwal, na matutupad ayon
sa espiritu at hindi sa laman?
2 At ako, si Nephi, ay sinabi sa
kanila: Masdan, [a]ipinaalam ang
mga yaon sa mga propeta ng ti-
nig ng [b]Espiritu; sapagkat sa pa-
mamagitan ng tinig ng Espiritu
ay ipinaaalam ang lahat ng ba-
gay sa mga [c]propeta, na mang-
yayari sa mga anak ng tao ayon
sa laman.

22*a* Is. 66:18–20.
*b* Is. 11:12; 18:3.
*c* 1 Ne. 22:8; 2 Ne. 10:8–9.
23*a* Is. 60:16.
*b* 1 Ne. 22:6.
*c* 2 Ne. 6:13; D at T 98:2; 133:10–11, 45.
24*a* 1 Ne. 21:25.
26*a* 1 Ne. 22:13–14.
*b* Mos. 11:22.
*c* GBK Jehova.
**22** 1*a* 1 Ne. 19:22; 2 Ne. 4:2.
2*a* 2 Ped. 1:19–21.
*b* GBK Espiritu Santo.
*c* GBK Propesiya, Pagpopropesiya.

3 Anupa’t ang mga bagay na
aking binasa ay mga bagay na
tumutukoy sa mga bagay na
kapwa [a]temporal at espirituwal;
sapagkat ang sambahayan ni
Israel ay tila, sa malaon at ma-
dali, ay [b]ikakalat sa lahat ng
dako ng mundo, at sa lahat din
ng bansa.
4 At masdan, marami sa nga-
yon ang nawawala na sa kaala-
man ng mga yaong nasa Jerusa-
lem. Oo, ang malaking bahagi
ng buong [a]lipi ay [b]naakay nang
palayo; at nakakalat sila paro-
o’t parito sa mga [c]pulo ng da-
gat; at kung nasaan man sila ay
walang nakaaalam sa atin, ma-
liban sa nalalaman natin na sila
ay inakay palayo.
5 At dahil sa sila ay inakay pa-
layo, ang mga bagay na ito ay
iprinopesiya hinggil sa kanila,
at hinggil din sa lahat ng yaong
ikakalat pa at lilituhin, dahil sa
Banal ng Israel; sapagkat pati-
tigasin nila ang kanilang mga
puso laban sa kanya; kaya nga,
ikakalat sila sa lahat ng bansa at
[a]kamumuhian ng lahat ng tao.
6 Gayon pa man, matapos si-
lang [a]ikandili ng mga [b]Gentil, at
ikaway ng Panginoon ang kan-
yang mga kamay sa mga Gentil
at gawin silang isang sagisag,
at kinalong ang kanilang mga
anak sa kanilang mga bisig, at
ang kanilang mga [c]anak na ba-
bae ay papasanin sa kanilang
mga balikat, masdan, ang mga
bagay na ito na sinabi ay tem-
poral; sapagkat gayon ang mga
tipan ng Panginoon sa ating
mga ama; at tumutukoy ito sa
atin sa mga araw na darating,
at gayon din sa lahat ng ating
mga kapatid na kabilang sa
sambahayan ni Israel.
7 At nangangahulugan ito na
darating ang panahon na ma-
tapos ikalat at lituhin ang bu-
ong sambahayan ni Israel, na
magbabangon ang Panginoong
Diyos ng isang makapangyari-
hang bansa sa mga [a]Gentil, oo,
maging sa ibabaw ng lupaing
ito; at sa pamamagitan nila ay
[b]makakalat ang ating mga binhi.
8 At matapos maikalat ang
ating mga binhi, ang Pangino-
ong Diyos ay magpapatuloy na
gumawa ng [a]kagila-gilalas na
gawain sa mga [b]Gentil, na ma-
giging labis na [c]mahalaga sa
ating mga binhi; anupa’t, ini-
hahalintulad ito sa pangangа-
laga sa kanila ng mga Gentil at
kinakalong sa kanilang mga bi-
sig at sa kanilang mga balikat.
9 At magiging [a]mahalaga rin
ito sa mga Gentil; at hindi la-
mang sa mga Gentil kundi ga-

3*a* D at T 29:31–34.
*b* 1 Ne. 10:12–14;
2 Ne. 25:14–16.
GBK Israel—Ang
pagkalat ng Israel.
4*a* GBK Israel—Ang
sampung
nawawalang
lipi ni Israel.
*b* 2 Ne. 10:22.
*c* 1 Ne. 21:1;
2 Ne. 10:8, 20.
5*a* 1 Ne. 19:14.
6*a* 1 Ne. 21:23.
*b* GBK Gentil, Mga.
*c* 1 Ne. 15:13.
7*a* 3 Ne. 20:27.
*b* 1 Ne. 13:12–14;
2 Ne. 1:11.
8*a* Is. 29:14; 1 Ne. 14:7;
2 Ne. 27:26.
GBK Pagpapanum-
balik ng Ebanghelyo.
*b* 2 Ne. 10:10–11;
3 Ne. 16:4–7;
Morm. 5:19.
*c* 1 Ne. 15:13–18;
3 Ne. 5:21–26; 21:7.
9*a* 1 Ne. 14:1–5.

yon din [b]sa buong [c]sambahayan ni Israel, tungo sa pagpapaalam ng mga [d]tipan ng Ama ng langit kay Abraham, sinasabing: Sa iyong mga [e]binhi ay [f]pagpapalain ang lahat ng lahi ng mundo.

10 At nais ko, aking mga kapatid, na inyong malaman na ang lahat ng lahi ng mundo ay hindi maaaring pagpalain maliban kung hindi niya [a]ipakikita ang kanyang bisig sa paningin ng mga bansa.

11 Kaya nga, ipagpapatuloy ng Panginoong Diyos ang pagpapakita ng kanyang bisig sa paningin ng lahat ng bansa, sa pagsasakatuparan ng kanyang mga tipan at kanyang ebanghelyo sa mga yaong kabilang sa sambahayan ni Israel.

12 Anupa't, muli niya silang palalayain sa pagkabihag, at sama-samang [a]titipunin sila sa mga lupaing kanilang mana; at lalabas sila mula sa kalabuan at mula sa [b]kadiliman; at makikilala nila na ang [c]Panginoon ang kanilang [d]Tagapagligtas at kanilang Manunubos, ang [e]Makapangyarihan ng Israel.

13 At ang dugo ng yaong makapangyarihan at [a]karumal-dumal na simbahan, na siyang patutot ng buong mundo, ay magsisibalik sa kanilang sariling mga ulo; sapagkat [b]makikidigma sila sa isa't isa, at ang espada sa kanilang [c]sariling mga kamay ay babagsak sa sarili nilang mga ulo, at malalango sila sa sarili nilang dugo.

14 At bawat [a]bansang makikidigma laban sa iyo, O sambahayan ni Israel, ay babaling laban sa isa't isa, at [b]mahuhulog sila sa hukay na kanilang hinukay upang mabitag ang mga tao ng Panginoon. At ang lahat ng [c]kumakalaban sa Sion ay malilipol, at yaong makapangyarihang patutot, na nagliligaw sa mga tamang landas ng Panginoon, oo, yaong makapangyarihan at karumal-dumal na simbahan, ay guguho sa [d]lupa at malakas ang magiging pagbagsak nito.

15 Sapagkat masdan, wika ng propeta, dagliang darating ang panahon na mawawalan ng kapangyarihan si Satanas na tuksuhin ang mga anak ng tao; sapagkat malapit nang dumating ang araw na lahat ng palalo at sila na mga gumagawa ng kasamaan ay magiging parang mga [a]pinaggapasan; at darating ang araw na sila ay tiyak na [b]susunugin.

9*b* 2 Ne. 30:1–7.
*c* 2 Ne. 29:13–14.
*d* Deut. 4:31.
*e* GBK Tipang Abraham.
*f* Gen. 12:2–3; 3 Ne. 20:27; Abr. 2:9–11.
10*a* Is. 52:10.
12*a* GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
*b* GBK Kadiliman, Espirituwal na.
*c* 2 Ne. 6:10–11.
*d* GBK Tagapagligtas.
*e* GBK Jehova.
13*a* GBK Diyablo—Ang simbahan ng diyablo.
*b* 1 Ne. 14:3, 15–17.
*c* 1 Ne. 21:26.
14*a* Lu. 21:10.
*b* Is. 60:12; 1 Ne. 14:3; D at T 109:25.
*c* 2 Ne. 10:13; 27:3.
*d* Is. 25:12.
15*a* Is. 5:23–24; Nah. 1:10; Mal. 4:1; 2 Ne. 15:24; 26:4–6; D at T 64:23–24; 133:64.
*b* Awit 21:9; 3 Ne. 25:1; D at T 29:9. GBK Mundo—Paglilinis ng mundo.

16 Sapagkat malapit nang dumating ang panahon na ang kaganapan ng [a]kapootan ng Diyos ay mabubuhos sa lahat ng anak ng tao; sapagkat hindi niya pahihintulutang daigin ng masasama ang mabubuti.
17 Anupa't, [a]pangangalagaan niya ang [b]mabubuti sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan, maging kung kinakailangang dumating ang kaganapan ng kanyang kapootan, at ang mabubuti ay pangangalagaan, maging tungo sa pagkalipol ng kanilang mga kaaway sa pamamagitan ng apoy. Kaya nga, hindi dapat matakot ang mabubuti; sapagkat ganito ang wika ng propeta, maliligtas sila, maging kung ito man ay sa pamamagitan ng apoy.
18 Masdan, aking mga kapatid, sinasabi ko sa inyo, na dagliang darating ang mga bagay na ito; oo, maging dugo, at apoy, at ulap ng usok ay tiyak na darating; at kinakailangan lamang na ito ay sa ibabaw ng mundong ito; at darating ito sa mga tao ayon sa laman kung sakali mang patitigasin nila ang kanilang mga puso laban sa Banal ng Israel.
19 Sapagkat masdan, hindi masasawi ang mabubuti; sapagkat tiyak na darating ang panahon na ang lahat ng yaong kumakalaban sa Sion ay ihihiwalay.
20 At ang Panginoon ay tiyak na maghahanda ng paraan para sa kanyang mga tao, sa ikatutupad ng mga salita ni Moises, na kanyang winika, sinasabing: Ang Panginoon ninyong Diyos ay magbabangon sa inyo ng isang [a]propeta, na tulad sa akin; diringgin ninyo siya sa lahat ng bagay anuman ang kanyang sasabihin sa inyo. At ito ay mangyayari na ang lahat ng yaong hindi makikinig sa propetang yaon ay [b]ihihiwalay sa mga tao.
21 At ngayon ako, si Nephi, ay nagpapahayag sa inyo, na ang Banal ng Israel ang [a]propetang tinutukoy ni Moises; anupa't siya ay magsasagawa ng [b]kahatulan sa katwiran.
22 At hindi kinakailangang matakot ang mabubuti; sapagkat sila ang mga yaong hindi malilito. Subalit ang kaharian ng diyablo, na itatayo sa mga anak ng tao, na kung aling kaharian ay itinatag sa kanila na mga nasa lupa—
23 Sapagkat dagliang darating ang panahon na ang lahat ng [a]simbahang itinayo upang makakuha ng yaman, at ang lahat ng yaong itinayo upang makaangkin ng kapangyarihan sa laman, at ang mga yaong itinayo upang maging [b]tanyag sa paningin ng sanlibutan, at ang mga yaong naghahangad ng

16*a* 1 Ne. 14:17.
17*a* 2 Ne. 30:10; Moi. 7:61.
*b* 1 Ne. 17:33–40.
20*a* Juan 4:19; 7:40.
*b* D at T 133:63.
21*a* Deut. 18:15, 18; Gawa 3:20–23; 1 Ne. 10:4; 3 Ne. 20:23.
*b* Awit 98:9; Moi. 6:57.
23*a* 1 Ne. 14:10; 2 Ne. 26:20. gbk Huwad na Pagkasaserdote.
*b* Lu. 6:26; Alma 1:3.

pagnanasa sa laman at sa mga
makamundong bagay, at upang
gumawa ng lahat ng uri ng ka-
samaan; oo, sa lalong maliwa-
nag, lahat ng yaong kabilang sa
kaharian ng diyablo ang mga
yaong dapat na matakot, at [c]ma-
nginig, at mayanig; sila ang mga
yaong tiyak na ibababa sa lupa;
sila ang mga yaong tiyak na
[d]matutupok na parang pinag-
gapasan; at ito ay ayon sa mga
salita ng propeta.
24 At dagliang darating ang
panahon na ang mabubuti ay
dadalhin na parang mga [a]guya
sa kuwadra, at ang Banal ng
Israel ay maghahari sa kapang-
yarihan, sa lakas, at dakilang
kaluwalhatian.
25 At [a]titipunin niya ang kan-
yang mga anak mula sa apat na
sulok ng mundo; at bilang niya
ang kanyang mga tupa, at siya'y
kilala nila; at magkakaroon ng
isang kawan at isang [b]pastol; at
pakakainin niya ang kanyang
mga tupa, at sa kanya sila [c]ma-
mamastol.
26 At dahil sa kabutihan ng
kanyang mga tao, si [a]Satanas
ay mawawalan ng kapangyari-
han; anupa't hindi siya maka-
wawala sa loob ng [b]maraming
taon; sapagkat wala siyang ka-
pangyarihan sa mga puso ng
tao, sapagkat nabubuhay sila
sa kabutihan, at [c]maghahari ang
Banal ng Israel.
27 At ngayon masdan, ako, si
Nephi, ay nagsasabi sa inyo na
mangyayari ang lahat ng bagay
na ito ayon sa laman.
28 Subalit, masdan, lahat ng
bansa, lahi, wika, at tao ay ma-
mumuhay nang matiwasay sa
Banal ng Israel kung sakali
mang sila ay [a]magsisisi.
29 At ngayon, ako, si Nephi, ay
nagtatapos; sapagkat hindi ako
mangangahas na magsalita ng
labis pa rito hinggil sa mga ba-
gay na ito.
30 Samakatwid, aking mga ka-
patid, nais kong pakatandaan
ninyong totoo ang mga bagay
na nasusulat sa mga [a]laminang
tanso; at nagpapatotoo ang mga
yaon na kinakailangang maging
masunurin ang tao sa mga ka-
utusan ng Diyos.
31 Kaya nga, hindi ninyo da-
pat akalain na ako at ang aking
ama lamang ang tanging nag-
papatotoo, at nagtuturo rin nito.
Samakatwid, kung kayo ay ma-
giging masunurin sa mga [a]ka-
utusan, at magtitiis hanggang
wakas, maliligtas kayo sa huling
araw. At gayon nga ito. Amen.

23*c* 2 Ne. 28:19.
*d* 2 Ne. 26:6.
24*a* Amos 6:4; Mal. 4:2; 3 Ne. 25:2.
25*a* GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
*b* GBK Mabuting Pastol.
*c* Awit 23.
26*a* Apoc. 20:2; Alma 48:17; D at T 43:31; 45:55; 88:110; 101:28. GBK Diyablo.
*b* Jac. 5:76.
*c* GBK Milenyo.
28*a* GBK Magsisisi, Pagsisisi; Magpatawad.
30*a* 2 Ne. 4:2.
31*a* Mat. 19:17. GBK Kautusan ng Diyos, Mga.

# Ang Ikalawang Aklat ni Nephi

Ang ulat ng kamatayan ni Lehi. Ang mga kapatid ni Nephi ay naghimagsik laban sa kanya. Binalaan ng Panginoon si Nephi na umalis at magtungo sa ilang. Ang kanyang paglalakbay sa ilang, at iba pa.

## KABANATA 1

*Si Lehi ay nagpropesiya ng tungkol sa isang lupain ng kalayaan—Ang kanyang mga binhi ay ikakalat at parurusahan kung itatakwil nila ang Banal ng Israel—Pinayuhan niya ang kanyang mga anak na isuot ang baluti ng kabutihan. Mga 588–570* B.C.

AT ngayon ito ay nangyari
na, na pagkaraang ako, si
Nephi, ay matapos sa pagtutu-
ro sa aking mga kapatid, ang
aming [a]ama, si Lehi, ay nangu-
sap din ng maraming bagay sa
kanila, at inulit sa kanila, kung
gaano kadakila ang mga bagay
na ginawa ng Panginoon para
sa kanila sa paglalabas sa kani-
la sa lupain ng Jerusalem.
2 At nangusap siya sa kanila
hinggil sa [a]paghihimagsik nila
noong nasa mga tubig, at sa mga
awa ng Diyos sa pagkakaligtas
sa kanilang buhay, na hindi sila
nilulon ng dagat.
3 At nangusap din siya sa kani-
la hinggil sa lupang pangako, na
kanilang natamo—gaano ang
pagkamaawain ng Panginoon
sa pagbababala sa amin na kami
ay tumakas sa lupain ng Jeru-
salem.
4 Sapagkat, masdan, sinabi niya,
nakakita ako ng isang [a]pangita-
in, kung saan nalaman ko na
ang [b]Jerusalem ay nawasak na;
at kung tayo ay nanatili sa Jeru-
salem tayo rin ay [c]nangasawi.
5 Datapwat, wika niya, sa ka-
bila ng ating mga kahirapan, ay
ating natamo ang isang [a]lupang
pangako, isang lupaing [b]pinili
sa lahat ng ibang lupain; isang
lupaing tinipan sa akin ng Pa-
nginoong Diyos na lupaing ma-
manahin ng aking mga binhi.
Oo, [c]ipinagtipan sa akin ng Pa-
nginoon ang lupaing ito, at sa
aking mga anak magpakailan-
man, at gayon din sa lahat ng
yaong ilalabas sa ibang bansa
ng kamay ng Panginoon.
6 Anupa't, ako, si Lehi, ay
nagpopropesiya alinsunod sa
pamamatnubay ng Espiritu na
nasa akin, na [a]walang ibang ma-
kapaparito sa lupaing ito mali-
ban kung sila ay dalhin ng ka-
may ng Panginoon.
7 Kaya nga, ang [a]lupaing ito
ay inilaan para sa kanya na siya
niyang dadalhin. At kung mang-

[2 NEPHI]
**1** 1*a* GBK Patriyarka, Patriyarkal.
2*a* 1 Ne. 18:9–20.
4*a* GBK Pangitain.
*b* 2 Hari 24:14–15; Jer. 44:2; 1 Ne. 1:4; Hel. 8:20.
*c* Alma 9:22.
5*a* GBK Lupang Pangako.
*b* Eter 2:9–10.
*c* GBK Tipan.
6*a* 2 Ne. 10:22.
7*a* Mos. 29:32; Alma 46:10, 20.

yayari na kanilang paglilingkuran siya alinsunod sa mga kautusang kanyang ibinigay, ito ay magiging lupain ng [b]kalayaan sa kanila; anupa't, hindi sila kailanman madadala sa pagkabihag; kung magkagayon man, ito ay dahil sa kasamaan; sapagkat kung ang kasamaan ay lalaganap ay [c]susumpain ang lupain ng dahil sa kanila, ngunit sa mabubuti, ito ay pagpapalain magpakailanman.

8 At masdan, ito ay karunungan na ikubli muna ang lupain sa kaalaman ng mga ibang bansa; sapagkat masdan, maraming bansa ang sasakop sa lupain, kung kaya't hindi magkakaroon ng pook na ipamamana.

9 Samakatwid, ako si Lehi, ay nagtamo ng isang pangako, na [a]habang yaong mga ilalabas ng Panginoong Diyos sa lupain ng Jerusalem ay sumusunod sa kanyang mga kautusan, sila ay [b]uunlad sa ibabaw ng lupaing ito; at sila ay ikukubli mula sa ibang mga bansa, upang ang lupaing ito ay mapasakanila. At kung mangyayari na kanilang [c]susundin ang kanyang mga kautusan sila ay pagpapalain sa ibabaw ng lupaing ito, at walang sinumang manliligalig sa kanila, o kaya'y aagaw ng lupaing kanilang mana; at sila'y makapaninirahan nang ligtas magpakailanman.

10 Datapwat masdan, kung dumating ang panahon na sila ay manghina sa kawalang-paniniwala, matapos na kanilang tanggapin ang gayong kalaking pagpapala mula sa kamay ng Panginoon—na taglay ang kaalaman ng paglikha ng mundo, at ng lahat ng tao, nalalaman ang dakila at mga kagila-gilalas na gawa ng Panginoon mula sa paglikha ng mundo; na may kapangyarihang ibinigay sa kanila upang magawa ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng pananampalataya; sa pagkakaroon ng lahat ng kautusan mula pa sa simula, at sa pagkakadala sa pamamagitan ng kanyang walang hanggang kabutihan dito sa natatanging lupang pangako—masdan, sinasabi ko, na kung dumating ang araw na kanilang itatakwil ang Banal ng Israel, ang tunay na [a]Mesiyas, ang kanilang Manunubos at kanilang Diyos, masdan, ang mga kahatulan niya na makatarungan ay sasapit sa kanila.

11 Oo, kanyang dadalhin ang mga [a]ibang bansa sa kanila, at ipagkakaloob niya sa kanila ang kapangyarihan, at kanyang kukunin sa kanila ang mga lupaing kanilang pag-aari, at sila ay kanyang [b]ikakalat at parurusahan.

12 Oo, habang ang isang salinlahi ay pumapalit sa isang salinlahi, magkakaroon ng mga

7*b* 2 Ne. 10:11. GBK Malaya, Kalayaan.
*c* Alma 45:10–14, 16; Morm. 1:17; Eter 2:8–12.
9*a* 2 Ne. 4:4; Alma 9:13.
*b* Deut. 29:9.
*c* GBK Pagsunod, Masunurin, Sumunod.
10*a* GBK Mesiyas.
11*a* 1 Ne. 13:12–20; Morm. 5:19–20.
*b* 1 Ne. 22:7.

[a]pagdanak ng dugo, at masi-
sidhing kaparusahan sa kanila;
kaya nga, mga anak ko, nais
kong inyong tandaan; oo, nais
kong inyong pakinggan ang
aking mga salita.
13 O, na kayo ay magising;
magising mula sa mahimbing
na pagkakatulog, oo, maging
mula sa pagkakatulog ng [a]im-
piyerno, at iwagwag ang mga
kakila-kilabot na [b]tanikala na sa
inyo'y nakagapos, mga tanika-
lang gumagapos sa mga anak
ng tao, na siyang nagdadala sa
kanila sa pagkabihag doon sa
walang hanggang [c]look ng ka-
lungkutan at kapighatian.
14 Gumising! At bumangon
mula sa alabok, at makinig sa
mga salita ng nanginginig na
[a]magulang, na ang mga biyas
ay tiyak na malapit na ninyong
ihimlay sa malamig at tahimik
na [b]libingan, kung saan walang
manlalakbay na makababalik;
mga ilang araw na lamang at
ako ay yayaon ng [c]lakad ng bu-
ong lupa.
15 Ngunit masdan, [a]tinubos
ng Panginoon ang aking kalu-
luwa mula sa impiyerno; at na-
masdan ko ang kanyang kalu-
walhatian, at ako ay nayayakap
magpakailanman ng mga [b]bisig
ng kanyang [c]pagmamahal.
16 At nais kong inyong paka-
tandaang sundin ang mga [a]ba-
tas at kahatulan ng Panginoon;
masdan, ito ang ikinababalisa
ng aking kaluluwa mula pa sa
simula.
17 Ang aking puso ay manaka-
nakang bumibigat sa kalung-
kutan, sapagkat ako ay natata-
kot, na baka sa katigasan ng in-
yong mga puso ang Panginoon
ninyong Diyos ay dumalaw sa
inyo sa kaganapan ng kanyang
[a]galit, na kayo ay [b]mahiwalay
at mamatay magpakailanman;
18 O, na ang isang sumpa ay
sumapit sa inyo sa loob ng [a]ma-
raming salinlahi; at kayo ay pa-
rurusahan sa pamamagitan ng
espada, at ng taggutom, at ka-
popootan, at aakayin alinsunod
sa kagustuhan at pagkabihag ng
[b]diyablo.
19 O mga anak ko, sana'y hu-
wag sumapit sa inyo ang mga
bagay na ito, bagkus kayo ay
maging isang pinili at mga [a]pi-
nagpalang tao ng Panginoon.
Datapwat masdan, masusunod
ang kanyang kalooban; sapag-
kat ang kanyang mga [b]landas
ay katwiran magpakailanman.
20 At kanyang sinabi na: [a]Ha-
bang inyong sinusunod ang
aking mga [b]kautusan kayo ay
[c]uunlad sa lupain; datapwat

12*a* Morm. 1:11–19; 4:11.
13*a* GBK Impiyerno.
*b* Alma 12:9–11.
*c* 1 Ne. 15:28–30;
Hel. 3:29–30.
14*a* GBK Magulang, Mga.
*b* GBK Kamatayan,
Pisikal na.
*c* Jos. 23:14.
15*a* Alma 36:28.
GBK Bayad-sala,
Pagbabayad-sala.
*b* Jac. 6:5;
Alma 5:33;
3 Ne. 9:14.
*c* Rom. 8:39.
GBK Pagmamahal.
16*a* Deut. 4:5–8;
2 Ne. 5:10–11.
17*a* 2 Ne. 5:21–24;
Alma 3:6–19.
*b* Mos. 12:8.
18*a* 1 Ne. 12:20–23.
*b* GBK Diyablo.
19*a* GBK Pinili.
*b* Os. 14:9.
20*a* Jar. 1:9;
Mos. 1:6–7;
Alma 9:13–14.
*b* Lev. 26:3–14;
Joel 2:23–26.
*c* Awit 67:6;
Mos. 2:21–25.

habang hindi ninyo sinusunod ang aking mga kautusan kayo ay itatakwil mula sa aking harapan.
21 At ngayon upang ang aking kaluluwa ay magkaroon ng kagalakan sa inyo, at ang aking puso ay lumisan sa daigdig na ito nang may kagalakan dahil sa inyo, upang ako ay hindi madala nang may pagdadalamhati at kalungkutan sa libingan, bumangon kayo mula sa alabok, mga anak ko, at [a]magpakalalaki, at magkaroon ng pagnanais na maging [b]isang isipan at isang puso, nagkakaisa sa lahat ng bagay, upang kayo ay hindi madala sa pagkabihag.
22 Upang kayo ay hindi sumpain ng isang masidhing sumpa; at gayundin, nang hindi ninyo abutin ang galit ng isang [a]makatarungang Diyos sa inyo, tungo sa pagkawasak, oo, ang walang hanggang pagkawasak ng kaluluwa at katawan.
23 Gumising, mga anak ko; isuot ninyo ang [a]baluti ng kabutihan. Iwagwag ang mga tanikalang gumagapos sa inyo, at lumabas mula sa karimlan, at bumangon mula sa alabok.
24 Huwag na kayong maghimagsik pa laban sa inyong kapatid, na ang mga pananaw ay puno ng kaluwalhatian, at sumusunod sa mga kautusan mula pa sa panahong ating lisanin ang Jerusalem; at naging kasangkapan sa mga kamay ng Diyos, sa pagdadala sa atin sa lupang pangako; sapagkat kung hindi dahil sa kanya, tayo sana ay tiyak na nangasawi sa [a]gutom sa ilang; gayon pa man, hinangad ninyong [b]kitlin ang kanyang buhay; oo, at siya ay nagdanas ng maraming kalungkutan dahil sa inyo.
25 At ako ay labis na natatakot at nanginginig dahil sa inyo, na baka siya ay muling magdusa; sapagkat masdan, inyo siyang pinararatangan na siya ay naghahangad na magkaroon ng kapangyarihan at [a]karapatan sa inyo; ngunit alam kong hindi siya naghahangad na magkaroon ng kapangyarihan at karapatan sa inyo, bagkus, ang kaluwalhatian ng Diyos ang hinahangad niya, at ang inyong walang hanggang kapakanan.
26 At kayo ay bumulung-bulong dahil sa siya ay naging tapat sa inyo. Sinabi ninyo na siya ay gumamit ng [a]katalasan; sinabi ninyo na siya ay galit sa inyo; datapwat masdan, ang kanyang katalasan ay katalasan ng kapangyarihan ng salita ng Diyos, na nasa kanya; at yaong tinatawag ninyong galit ay katotohanan, alinsunod sa yaong nasa Diyos, na hindi niya mapigil, walang takot na ipinamumukha ang hinggil sa inyong mga kasamaan.

---

21*a* 1 Sam. 4:9; 1 Hari 2:2.
*b* Moi. 7:18.
22*a* D at T 3:4.
23*a* Ef. 6:11–17.
24*a* 1 Ne. 16:32.
*b* 1 Ne. 16:37.
25*a* Gen. 37:9–11.
26*a* Kaw. 15:10; 1 Ne. 16:2; Moro. 9:4; D at T 121:41–43.

27 At talagang kinakailangan na ang [a]kapangyarihan ng Diyos ay mapasakanya, maging sa kanyang pag-uutos sa inyo na kayo ay kinakailangang sumunod. Datapwat masdan, ito ay hindi siya, kundi ito ang [b]Espiritu ng Panginoon na nasa kanya, na [c]nagbubukas ng kanyang bibig sa pagsasalita kaya't hindi niya ito maitikom.
28 At ngayon anak ko, Laman, at kayo rin Lemuel, at Sam, at kayo ring mga anak ko na mga anak na lalaki ni Ismael, masdan, kung kayo ay makikinig sa tinig ni Nephi, hindi kayo masasawi. At kung kayo ay makikinig sa kanya ay igagawad ko sa inyo ang isang [a]pagbabasbas, oo, maging ang aking unang pagbabasbas.
29 Datapwat kung hindi kayo makikinig sa kanya ay babawiin ko ang aking [a]unang pagbabasbas, oo, maging ang aking pagbabasbas, at ito ay mapapasakanya.
30 At ngayon, Zoram, ako ay nangungusap sa iyo: Masdan, ikaw ay [a]tagapagsilbi ni Laban; gayunman, ikaw ay inilabas sa lupain ng Jerusalem, at alam ko na ikaw ay isang tunay na kaibigan ng aking anak na si Nephi, magpakailanman.
31 Kung gayon, sapagkat ikaw ay naging matapat ang iyong mga binhi ay pagpapalain [a]kasama ng kanyang mga binhi, kung kaya't sila'y maninirahan sa kasaganaan nang mahabang panahon sa ibabaw ng lupaing ito; at wala, maliban sa kasamaan sa kanila, ang makapipinsala o makagagambala sa kanilang kasaganaan sa ibabaw ng lupaing ito magpakailanman.
32 Anupa't kung susundin mo ang mga kautusan ng Panginoon, ilalaan ng Panginoon ang lupaing ito para sa katiwasayan ng iyong mga binhi, kasama ng mga binhi ng aking anak.

## KABANATA 2

*Dumarating ang pagtubos sa pamamagitan ng Banal na Mesiyas—Ang kalayaan sa pagpili ay mahalaga sa buhay at sa pag-unlad—Si Adan ay nahulog upang ang tao ay maging malaya—Ang tao ay malaya sa pagpili sa kalayaan at buhay na walang hanggan. Mga 588–570* B.C.

At ngayon, Jacob, nangungusap ako sa iyo: Ikaw ang aking [a]panganay sa mga araw ng aking paghihirap sa ilang. At masdan, sa iyong kamusmusan ikaw ay nagdanas ng mga kahirapan at maraming kalungkutan, dahil sa kalupitan ng iyong mga kapatid.
2 Gayunman, Jacob, aking panganay sa ilang, nalalaman mo ang kadakilaan ng Diyos; at kanyang ilalaan ang iyong mga paghihirap para sa iyong kapakinabangan.

27*a* 1 Ne. 17:48.
*b* D at T 121:43.
*c* D at T 33:8.
28*a* GBK Pagkapanganay.
29*a* Abr. 1:3.
30*a* 1 Ne. 4:20, 35.
31*a* 2 Ne. 5:6.
**2** 1*a* 1 Ne. 18:7.

3 Anupa’t ang iyong kalulu-
wa ay pagpapalain, at ikaw ay
maninirahang ligtas kasama ng
iyong kapatid na si Nephi; at
ang iyong mga araw ay iuukol
sa paglilingkod sa iyong Diyos.
Kaya nga, alam ko na ikaw ay
tinubos, dahil sa kabutihan ng
iyong Manunubos; sapagkat na-
mamasdan mo na sa kaganapan
ng panahon siya ay paparito
upang magdala ng kaligtasan
sa tao.
4 At [a]namasdan mo sa iyong
kabataan ang kanyang kaluwal-
hatian; kaya nga, ikaw ay pinag-
palang katulad nila na kanyang
paglilingkuran sa laman; sapag-
kat ang Espiritu ay siya ring
kahapon, ngayon, at magpaka-
ilanman. At ang daan ay ini-
handa mula pa nang mahulog
ang tao, at ang kaligtasan ay
[b]hindi binabayaran.
5 At ang tao ay tinuruan nang
sapat upang kanilang [a]makila-
la ang mabuti sa masama. At
ang batas ay ipinagkaloob sa
mga tao. At sa pamamagitan ng
batas walang laman ang [b]maka-
pagmamatwid; o, sa pamama-
gitan ng batas ang tao ay [c]maihi-
hiwalay. Oo, sa panlupang ba-
tas sila ay naihihiwalay; at ga-
yon din, sa pamamagitan ng
batas na espirituwal sila ay na-
layo mula roon sa mabuti, at
magiging kaaba-aba magpaka-
ilanman.
6 Anupa’t, ang [a]pagtubos ay
darating sa at sa pamamagitan
ng Banal na [b]Mesiyas; sapagkat
siya ay puspos ng [c]biyaya at
katotohanan.
7 Masdan, inihandog niya ang
kanyang sarili na isang [a]hain
para sa kasalanan, upang tugu-
nin ang layunin ng batas para
sa lahat ng yaong may bagbag
na puso at nagsisising espiritu;
at walang sinumang maaaring
makatugon sa mga [b]layunin ng
batas.
8 Kaya nga, anong laking ka-
halagahan na ang mga bagay na
ito ay ipaalam sa mga naninira-
han sa mundo, upang kanilang
malaman na walang laman ang
makapananahanan sa kinaroro-
onan ng Diyos, [a]maliban sa
pamamagitan ng kabutihan, at
awa, at biyaya ng Banal na Me-
siyas, na nag-alay ng kanyang
buhay ayon sa laman, at binawi
itong muli sa pamamagitan
ng kapangyarihan ng Espiritu,
upang kanyang mapapangyari
ang [b]pagkabuhay na mag-uli ng
mga patay, siya bilang unang
magbabangon.
9 Anupa’t, siya ang unang bu-
nga ng Diyos, yayamang siya

4*a* 2 Ne. 11:3; Jac. 7:5.
*b* GBK Biyaya.
5*a* Moro. 7:16.
*b* Rom. 3:20; 2 Ne. 25:23; Alma 42:12–16. GBK Pagbibigay-katwiran, Pangatwiranan.
*c* 1 Ne. 10:6; 2 Ne. 9:6–38; Alma 11:40–45; 12:16, 24; 42:6–11; Hel. 14:15–18.
6*a* 1 Ne. 10:6; 2 Ne. 25:20; Alma 12:22–25. GBK Plano ng Pagtubos.
*b* GBK Mesiyas.
*c* Juan 1:14, 17; Moi. 1:6.
7*a* GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala.
*b* Rom. 10:4.
8*a* 2 Ne. 25:20; 31:21; Mos. 4:8; 5:8; Alma 38:9.
*b* 1 Cor. 15:20; Alma 7:12; 12:24–25; 42:23. GBK Pagkabuhay na Mag-uli.

ang [a]mamamagitan para sa la-
hat ng anak ng tao; at sila na ma-
niniwala sa kanya ay maliligtas.
10 At dahil sa namagitan para
sa [a]lahat, lahat ng tao ay lalapit
sa Diyos; kaya nga, sila ay tata-
yo sa harapan niya, upang [b]ha-
tulan niya alinsunod sa katoto-
hanan at [c]kabanalan na nasa
kanya. Samakatwid, ang layu-
nin ng batas na ipinagkaloob ng
Banal, sa pagpapataw ng kapa-
rusahan na nakaakibat, kung
aling kaparusahan na nakaaki-
bat ay taliwas doon sa kaliga-
yahang nakaakibat, upang tu-
gunin ang layunin ng [d]pagba-
bayad-sala—
11 Sapagkat talagang kinaka-
ilangan, na may [a]pagsalungat
sa lahat ng bagay. Kung hindi,
panganay ko sa ilang, ang ka-
butihan ay hindi mangyayari,
ni ang kasamaan, ni ang kaba-
nalan o kalungkutan, ni mabuti
o masama. Anupa't, ang lahat
ng bagay ay talagang kaila-
ngang magkasama sa isa; kaya
nga, kung ito ay nararapat na
maging isang katawan ito ay
kailangang manatiling tulad ng
isang patay, walang buhay ni
kamatayan, ni kabulukan o wa-
lang kabulukan, kaligayahan ni
kalungkutan, ni pakiramdam o
kawalan ng pakiramdam.
12 Kaya nga, iyon ay talagang
kinakailangang malikha para sa
isang bagay na walang kabulu-
han; anupa't wala sanang ma-
giging [a]layunin ang dahilan sa
pagkakalikha nito. Kung gayon,
ang bagay na ito ang tiyak na si-
sira sa karunungan ng Diyos at
sa kanyang mga walang hang-
gang layunin, at gayundin sa
kapangyarihan, at sa awa, at sa
[b]katarungan ng Diyos.
13 At kung sasabihin ninyong
[a]walang batas, sasabihin din
ninyong walang kasalanan.
Kung sasabihin ninyong walang
kasalanan, sasabihin din nin-
yong walang katwiran. At kung
walang katwiran ay walang ka-
ligayahan. At kung walang ka-
butihan ni kaligayahan ay wa-
lang kaparusahan ni kalungku-
tan. At kung wala ang mga ba-
gay na [b]ito ay walang Diyos. At
kung walang Diyos ay wala
tayo, ni ang mundo; sapagkat
hindi sana magkakaroon ng
paglikha sa mga bagay, ni ku-
mikilos o pinakikilos, anupa't,
lahat ng bagay ay tiyak na mag-
lalaho.
14 At ngayon, mga anak ko,
sinasabi ko sa inyo ang mga ba-
gay na ito para sa inyong kapa-
kinabangan at kaalaman; sa-
pagkat may Diyos, at [a]nilikha
niya ang lahat ng bagay, kapwa
ang kalangitan at ang lupa, at la-
hat ng bagay na naroroon, kap-
wa ang mga bagay na kumikilos
at mga bagay na [b]pinakikilos.
15 At upang maisagawa ang

9*a* Is. 53:1–12;
Mos. 14:12; 15:8–9.
10*a* GBK Manunubos.
*b* GBK Paghuhukom, Ang Huling.
*c* GBK Kabanalan.
*d* 2 Ne. 9:7, 21–22, 26; Alma 22:14; 33:22; 34:9.
11*a* D at T 29:39; 122:5–9.
GBK Pagdurusa.
12*a* D at T 88:25–26.
GBK Mundo—Nilikha para sa tao.
*b* GBK Katarungan.
13*a* 2 Ne. 9:25.
*b* Alma 42:13.
14*a* GBK Likha, Paglikha.
*b* D at T 93:30.

kanyang mga walang hanggang
[a]layunin sa kahihinatnan ng tao,
matapos na kanyang malikha
ang ating mga unang magulang,
at ang mga hayop sa parang at
ang mga ibon sa himpapawid,
at sa lalong maliwanag, lahat ng
bagay na nilikha, ay talagang ki-
nakailangan na may isang pag-
salungat; maging ang [b]ipinag-
babawal na [c]bungang-kahoy na
kasalungat ng [d]punungkahoy ng
buhay; ang isa ay matamis at
ang isa ay mapait.
16 Anupa't ipinagkaloob ng
Panginoong Diyos sa tao na siya
ay [a]kumilos para sa kanyang
sarili. Samakatwid, ang tao ay
hindi makakikilos para sa kan-
yang sarili maliban kung siya
ay [b]nahikayat ng isa o ng iba.
17 At ako, si Lehi, ayon sa mga
bagay na aking nabasa, ay tala-
gang kailangang ipalagay na
ang isang [a]anghel ng Diyos,
ayon sa yaong nakasulat, ay
[b]nahulog mula sa langit; anu-
pa't siya ay naging [c]diyablo, na
hinahangad yaong masama sa
harapan ng Diyos.
18 At sapagkat siya ay nahulog
mula sa langit, at naging kaaba-
aba magpakailanman, kanyang
[a]hinahangad din ang kalung-
kutan ng buong sangkatauhan.
Anupa't sinabi niya kay [b]Eva,
oo, maging yaong matandang
ahas na siyang diyablo, na si-
yang ama ng lahat ng [c]kasinu-
ngalingan, kaya nga, sinabi
niya: Kumain ka ng ipinagba-
bawal na bungang-kahoy, at
hindi ka mamamatay, bagkus
ikaw ay magiging katulad ng
Diyos, na [d]nakakikilala sa ma-
buti at masama.
19 At pagkatapos na sina Adan
at Eva ay [a]kumain ng ipinagba-
bawal na bungang-kahoy sila ay
itinaboy palabas ng halamanan
ng [b]Eden, upang magbungkal
ng lupa.
20 At sila ay nagkaroon ng mga
anak; oo, maging ang [a]mag-
anak ng buong mundo.
21 At ang mga araw ng mga
anak ng [a]tao ay pinahaba, alin-
sunod sa kalooban ng Diyos,
upang sila ay [b]makapagsisi ha-
bang nasa laman; kaya nga, ang
kanilang kalagayan ay naging
kalagayan ng [c]pagsubok, at ang
kanilang panahon ay pinahaba,
alinsunod sa mga kautusan ng
Panginoong Diyos na ibinigay
sa mga anak ng tao. Sapagkat

15*a* Is. 45:18; Alma 42:26; Moi. 1:31, 39.
*b* Gen. 2:16–17; Moi. 3:17.
*c* Gen. 3:6; Alma 12:21–23.
*d* Gen. 2:9; 1 Ne. 15:22, 36; Alma 32:40.
16*a* 2 Ne. 10:23; Alma 12:31. GBK Kalayaang Mamili.
*b* D at T 29:39–40.
17*a* GBK Diyablo.
*b* Is. 14:12; 2 Ne. 9:8; Moi. 4:3–4; Abr. 3:27–28.
*c* GBK Diyablo.
18*a* 2 Ne. 28:19–23; 3 Ne. 18:18; D at T 10:22–27.
*b* GBK Eva.
*c* 2 Ne. 28:8; Moi. 4:4.
*d* Gen. 3:5; Alma 29:5; Moro. 7:15–19.
19*a* Alma 12:31. GBK Pagkahulog nina Adan at Eva.
*b* GBK Eden.
20*a* D at T 138:38–39.
21*a* Alma 12:24; Moi. 4:23–25.
*b* Alma 34:32. GBK Magsisi, Pagsisisi.
*c* GBK Tiyak na Pagkamatay, May Kamatayan.

ibinigay niya ang kautusan na
ang lahat ng tao ay kinakaila-
ngang magsisi; sapagkat ipina-
kita niya sa lahat ng tao na sila
ay [d]naligaw, dahil sa kasalanan
ng kanilang mga magulang.
22 At ngayon, masdan, kung
si Adan ay hindi lumabag, hin-
di sana siya nahulog, manapa
siya ay nanatili sa halamanan
ng Eden. At lahat ng bagay na
nilikha ay tiyak sanang nanatili
sa dating kalagayan kung saan
sila naroroon matapos na sila
ay likhain; at sila sana ay tiyak
na nanatili magpakailanman, at
walang katapusan.
23 At sila'y hindi sana nagka-
roon ng mga [a]anak; anupa't sila
sana ay nanatili sa kalagayan ng
kawalang-malay, walang kali-
gayahan, sapagkat hindi sila na-
kakikilala ng kalungkutan; hin-
di gagawa ng mabuti, sapagkat
hindi sila nakakikilala ng kasa-
lanan.
24 Ngunit masdan, ang lahat
ng bagay ay ginawa sa karunu-
ngan niya na [a]nakaaalam ng la-
hat ng bagay.
25 Si [a]Adan ay [b]nahulog upang
ang tao ay maging gayon; at ang
tao ay [c]gayon, upang sila ay
magkaroon ng [d]kagalakan.
26 At ang [a]Mesiyas ay papari-
to sa kaganapan ng panahon,
upang kanyang [b]matubos ang
mga anak ng tao mula sa pag-
kahulog. At dahil sa sila ay
tinubos mula sa pagkahulog
sila ay naging [c]malaya magpa-
kailanman, nakikilala ang ma-
buti sa masama; kumikilos para
sa kanilang sarili at hindi pina-
kikilos, maliban sa kaparusahan
ng [d]batas sa dakila at huling
araw, alinsunod sa mga kautu-
sang ibinigay ng Diyos.
27 Anupa't ang tao ay [a]malaya
ayon sa laman; at lahat ng ba-
gay ay ipinagkaloob sa kanila
na kapaki-pakinabang sa tao.
At sila ay malayang [b]makapipi-
li ng kalayaan at [c]buhay na wa-
lang hanggan, sa pamamagitan
ng dakilang Tagapamagitan ng
lahat ng tao, o piliin ang pagka-
bihag at kamatayan, alinsunod
sa pagkabihag at kapangyari-
han ng diyablo; sapagkat hina-
hangad niya na ang lahat ng tao
ay maging kaaba-abang katulad
ng kanyang sarili.
28 At ngayon, mga anak ko,
nais ko na kayo ay umasa sa da-
kilang [a]Tagapamagitan, at ma-
kinig sa kanyang mga dakilang
kautusan; at maging matapat sa
kanyang mga salita, at piliin ang
buhay na walang hanggan, alin-
sunod sa kalooban ng kanyang
Banal na Espiritu;
29 At huwag piliin ang wa-
lang hanggang kamatayan, alin-

21*d* Jac. 7:12.
23*a* Moi. 5:11.
24*a* GBK Diyos, Panguluhang Diyos.
25*a* GBK Adan.
*b* Moi. 6:48. GBK Pagkahulog nina Adan at Eva.
*c* GBK Tiyak na Pagkamatay, May Kamatayan.
*d* Moi. 5:10. GBK Kagalakan; Tao, Mga Tao.
26*a* GBK Mesiyas.
*b* GBK Plano ng Pagtubos.
*c* Alma 42:27; Hel. 14:30.
*d* GBK Batas.
27*a* Gal. 5:1; Moi. 6:56.
*b* GBK Kalayaang Mamili.
*c* GBK Buhay na Walang Hanggan.
28*a* GBK Tagapamagitan.

sunod sa kagustuhan ng laman
at ng kasamaan na naroroon,
na nagbibigay sa espiritu ng di-
yablo ng kapangyarihang [a]bu-
mihag, upang madala kayo sa
[b]impiyerno, at siya ang mama-
mahala sa inyo sa kanyang sa-
riling kaharian.
30 Sinabi ko ang ilang salitang
ito sa inyong lahat, mga anak
ko, sa huling araw ng aking
pagsubok; at pinili ko ang ma-
buting bahagi, ayon sa mga sa-
lita ng propeta. At wala akong
ibang layunin maliban sa wa-
lang hanggang kapakanan ng
inyong mga kaluluwa. Amen.

## KABANATA 3

*Si Jose sa Egipto ay nakita ang mga Nephita sa pangitain—Siya ay nagpropesiya tungkol kay Joseph Smith, ang tagakita ng huling araw; kay Moises na siyang magpapalaya sa Israel; at ang paglabas ng Aklat ni Mormon. Mga 588–570 B.C.*

AT ngayon ako ay nangungu-
sap sa iyo, Jose, aking [a]bunso.
Ikaw ay isinilang sa ilang sa
aking mga kahirapan; oo, sa
mga araw ng aking pinakama-
sidhing kalungkutan ay dinala
ka ng iyong ina.
2 At nawa ay ilaan din ng Pa-
nginoon ang [a]lupaing ito sa
iyo, na isang natatanging lupa-
in, bilang iyong mana at mana
ng iyong mga binhi kasama ng
iyong mga kapatid, para sa
iyong katiwasayan magpaka-
ilanman, kung mangyayaring
iyong susundin ang mga ka-
utusan ng Banal ng Israel.
3 At ngayon, Jose, aking bunso,
na inilabas ko sa ilang sa aking
mga kahirapan, nawa ay pag-
palain ka ng Panginoon magpa-
kailanman, sapagkat ang iyong
mga binhi ay hindi lubusang
[a]malilipol.
4 Sapagkat masdan, ikaw ay
bunga ng aking balakang; at ako
ay inapo ni [a]Jose na dinalang
[b]bihag sa Egipto. At dakila ang
mga tipan ng Panginoon na gi-
nawa niya kay Jose.
5 Samakatwid, tunay na [a]naki-
ta ni Jose ang ating panahon.
At natamo niya ang pangako
ng Panginoon, na mula sa bu-
nga ng kanyang balakang ay
magbabangon ang Panginoong
Diyos ng isang [b]mabuting [c]sa-
nga sa sambahayan ni Israel;
hindi ang Mesiyas, kundi isang
sangang mababali, gayon pa
man, ay maaalaala sa mga ti-
pan ng Panginoon na ang [d]Mesi-
yas ay magpapakita sa kanila
sa mga huling araw, sa diwa ng
kapangyarihan, hanggang sa
pagdadala sa kanila mula sa
[e]kadiliman, tungo sa liwanag—

29*a* Rom. 6:16–18; Alma 12:11.
*b* GBK Impiyerno.
**3** 1*a* 1 Ne. 18:7.
2*a* 1 Ne. 2:20. GBK Lupang Pangako.
3*a* 2 Ne. 9:53.
4*a* Gen. 39:1–2; 45:4; 49:22–26; 1 Ne. 5:14–16.
*b* Gen. 37:29–36.
5*a* PJS, Gen. 50:24–38; 2 Ne. 4:1–2.
*b* Jac. 2:25.
*c* Gen. 49:22–26; 1 Ne. 15:12; 19:24. GBK Ubasan ng Panginoon.
*d* 2 Ne. 6:14; D at T 3:16–20.
*e* Is. 42:16.

oo, mula sa natatagong kadiliman at pagkabihag tungo sa kalayaan.
6 Sapagkat si Jose ay tunay na nagpatotoo, sinasabing: Isang [a]tagakita ang ibabangon ng Panginoon kong Diyos, na magiging piling tagakita sa bunga ng aking [b]balakang.
7 Oo, tunay na sinabi ni Jose: Ganito ang winika ng Panginoon sa akin: Isang piling [a]tagakita ang ibabangon ko mula sa bunga ng iyong balakang; at siya ay bibigyan ng malaking pagpapahalaga sa mga bunga ng aking balakang. At sa kanya ay ibibigay ko ang kautusan na siya ay may gawaing gagampanan para sa bunga ng iyong balakang, sa kanyang mga kapatid, na magiging malaki ang kahalagahan sa kanila, maging sa pagdadala sa kanila sa kaalaman ng mga tipan na aking ginawa sa inyong mga ama.
8 At ibibigay ko sa kanya ang isang kautusan na [a]wala siyang ibang gagawin, maliban sa gawaing iuutos ko sa kanya. At gagawin ko siyang dakila sa aking mga paningin; sapagkat gagawin niya ang aking gawain.
9 At siya ay magiging dakilang katulad ni [a]Moises, na sinabi kong ibabangon ko sa inyo, upang [b]palayain ang aking mga tao, O sambahayan ni Israel.
10 At si Moises ay aking ibabangon upang palayain ang aking mga tao sa lupain ng Egipto.
11 Ngunit isang tagakita ang ibabangon ko mula sa bunga ng iyong balakang; at sa kanya ay ipagkakaloob ko ang [a]kapangyarihang isiwalat ang aking salita sa mga binhi ng iyong balakang—at hindi lamang sa pagdadala ng salita ko, wika ng Panginoon, kundi upang mapapaniwala sila sa aking salita, na napasakanila na.
12 Anupa't ang bunga ng iyong balakang ay [a]susulat; at ang bunga ng balakang ni [b]Juda ay [c]susulat; at yaong mga isusulat ng bunga ng iyong balakang, at gayundin yaong kung alin ay isusulat ng bunga ng balakang ni Juda ay magsasama, tungo sa [d]ikalilito ng mga maling doktrina at pag-aalis ng mga pagtatalo, at pagtatatag ng kapayapaan sa bunga ng iyong balakang, at [e]pagdadala sa kanila sa [f]kaalaman ng kanilang mga ama sa mga huling araw, at gayon din sa kaalaman ng aking tipan, wika ng Panginoon.
13 At mula sa kahinaan siya ay gagawing malakas, sa araw na yaon kung kailan ang aking gawain ay magsisimula sa lahat ng aking mga tao, tungo sa pagpapanumbalik sa iyo, O samba-

6*a* 3 Ne. 21:8–11; Morm. 8:16. GBK Tagakita.
*b* D at T 132:30.
7*a* GBK Smith, Joseph, Jr.
8*a* D at T 24:7, 9.
9*a* Moi. 1:41.
*b* Ex. 3:7–10; 1 Ne. 17:24.
11*a* D at T 5:3–4.
12*a* GBK Aklat ni Mormon.
*b* 1 Ne. 13:23–29.
*c* GBK Biblia.
*d* Ez. 37:15–20; 1 Ne. 13:38–41; 2 Ne. 29:8; 33:10–11.
*e* Moro. 1:4.
*f* 1 Ne. 15:14; 2 Ne. 30:5; Morm. 7:1, 5, 9–10.

hayan ni Israel, ang wika ng
Panginoon.
14 At sa gayon nagpropesiya
si Jose, sinasabing: Masdan, ang
tagakitang yaon ay pagpapala-
in ng Panginoon; at sila na nag-
nanais na siya ay pinsalain ay
malilito, sapagkat ang panga-
kong ito na aking natamo mula
sa Panginoon, ukol sa mga bu-
nga ng aking balakang, ay ma-
tutupad. Masdan, ako ay naka-
titiyak sa katuparan ng panga-
kong ito.
15 At ang kanyang [a]pangalan
ay tatawagin sa pangalan ko; at
ito ay isusunod sa [b]pangalan ng
kanyang ama. At siya ay magi-
ging katulad ko; sapagkat ang
bagay na isisiwalat ng Pangino-
on sa pamamagitan ng kanyang
mga kamay, sa pamamagitan ng
kapangyarihan ng Panginoon
ay magdadala sa aking mga tao
sa kaligtasan.
16 Oo, gayon ang iprinopesi-
ya ni Jose: Natitiyak ko ang ba-
gay na ito, maging katulad ng
katiyakan ko sa pangako ng
isang Moises; sapagkat sinabi
ng Panginoon sa akin, [a]panga-
ngalagaan ko ang iyong mga
binhi magpakailanman.
17 At winika ng Panginoon:
Ako ay magbabangon ng isang
Moises; at ipagkakaloob ko sa
kanya ang kapangyarihan sa
isang tungkod; at ipagkakalo-
ob ko sa kanya ang kahatulan
sa sulat. Gayunman hindi ko ka-
kalagan ang kanyang dila nang
siya ay makapagsalita nang la-
bis, sapagkat hindi ko siya ga-
gawing napakagaling sa pana-
nalita. Kundi [a]isusulat ko sa
kanya ang aking batas, sa pa-
mamagitan ng daliri ng sarili
kong kamay; at magtatalaga ako
ng [b]tagapagsalita para sa kanya.
18 At sinabi rin ng Panginoon
sa akin: Ako ay may ibabangon
mula sa bunga ng iyong bala-
kang; at ako ay magtatalaga
para sa kanya ng isang taga-
pagsalita. At ako, masdan, ako
ay magpapahintulot sa kanya
na isulat niya ang kasulatan ng
bunga ng iyong balakang, sa
bunga ng iyong balakang; at
ang tagapagsalita ng bunga ng
iyong balakang ang magpapa-
hayag nito.
19 At ang mga salitang kan-
yang isusulat ay mga salitang
kapaki-pakinabang sa aking ka-
runungan na dapat ipahayag sa
[a]bunga ng iyong balakang. At
iyon ay mangyayari na parang
ang bunga ng iyong balakang
ay sumigaw sa kanila [b]mula sa
alabok; sapagkat nalalaman ko
ang kanilang pananampalataya.
20 At sila ay [a]mangangaral
mula sa alabok; oo, maging ng
pagsisisi sa kanilang mga ka-
patid, maging hanggang sa ma-
raming salinlahi ang dumaan
sa kanila. At ito ay mangyayari
na ang kanilang pangangaral
ay magpapatuloy maging alin-
sunod sa kapayakan ng kani-
lang mga salita.

15*a* D at T 18:8.
*b* JS—K 1:3.
16*a* Gen. 45:1–8.
17*a* Deut. 10:2, 4; Moi. 2:1.
*b* Ex. 4:16.
19*a* D at T 28:8.
*b* Is. 29:4;
2 Ne. 27:13; 33:13;
Morm. 9:30;
Moro. 10:27.
20*a* 2 Ne. 26:16;
Morm. 8:23.

21 Dahil sa kanilang pananam-
palataya, ang kanilang mga [a]sa-
lita ay mamumutawi sa aking
bibig tungo sa kanilang mga
kapatid na bunga ng iyong ba-
lakang; at ang kahinaan ng ka-
nilang mga salita ay gagawin
kong malakas sa kanilang pa-
nanampalataya, tungo sa pag-
alaala ng aking tipan na aking
ginawa sa inyong mga ama.
22 At ngayon, masdan, Jose,
anak ko, alinsunod sa ganitong
pamamaraan ang aking ama ay
[a]nagpropesiya.
23 Kaya nga, dahil sa tipang
ito, ikaw ay pinagpala; sapag-
kat ang iyong mga binhi ay
hindi malilipol, sapagkat sila
ay makikinig sa mga salita ng
aklat.
24 At may magbabangon na
isang makapangyarihan sa ka-
nila na gagawa ng maraming
kabutihan, kapwa sa salita at sa
gawa, bilang kasangkapan sa
kamay ng Diyos, na may labis
na pananampalataya na maka-
gawa ng maraming kababalag-
han, at makagawa ng bagay na
dakila sa paningin ng Diyos,
tungo sa pagsasakatuparan ng
maraming pagpapanumbalik sa
sambahayan ni Israel, at sa mga
binhi ng iyong mga kapatid.
25 At ngayon, pinagpala ka,
Jose. Masdan, ikaw ay musmos
pa; kaya nga, makinig ka sa
mga salita ng iyong kapatid na
si Nephi, at mangyayari sa iyo
maging alinsunod sa mga sali-
tang aking sinabi. Pakatandaan
mo ang mga salita ng iyong nag-
aagaw-buhay na ama. Amen.

## KABANATA 4

*Pinayuhan at binasbasan ni Lehi ang kanyang angkan—Siya ay namatay at inilibing—Si Nephi ay nagpapuri sa kabutihan ng Diyos—Ibinigay ni Nephi ang kanyang pagtitiwala sa Panginoon magpakailanman. Mga 588–570 B.C.*

AT ngayon, ako, si Nephi, ay
nangungusap hinggil sa mga
propesiyang sinabi ng aking
ama, hinggil kay [a]Jose, na dina-
la sa Egipto.
2 Sapagkat masdan, tunay na
siya ay nagpropesiya hinggil sa
lahat niyang binhi. At ang mga
[a]propesiyang kanyang isinulat,
ay walang maraming makahi-
higit pa. At siya ay nagpropesi-
ya hinggil sa atin, at sa ating
mga susunod na salinlahi; at
yaon ay nakasulat sa mga lami-
nang tanso.
3 Samakatwid, nang matapos
sa pagsasalita ang aking ama
hinggil sa mga propesiya ni
Jose, tinawag niya ang mga
anak ni Laman, ang kanyang
mga anak na lalaki, at ang kan-
yang mga anak na babae, at
sinabi sa kanila: Masdan, mga
anak kong lalaki at babae, na
mga anak na lalaki at babae ng
aking [a]panganay, nais ko na
kayo ay makinig sa aking mga
salita.
4 Sapagkat winika ng Pangino-

21*a* 2 Ne. 29:2.
22*a* 2 Ne. 3:5.
**4** 1*a* Gen. 39:1–2.
2*a* 2 Ne. 3:5.
3*a* GBK Panganay.

ong Diyos na: [a]Habang inyong
sinusunod ang aking mga kautusan kayo ay uunlad sa lupain; at habang hindi ninyo sinusunod ang aking mga kautusan
kayo ay itatakwil mula sa aking
harapan.
5 Datapwat masdan, mga anak
kong lalaki at babae, hindi ako
makabababa sa aking libingan
hangga't hindi ko naiiwan sa
inyo ang aking [a]pagbabasbas;
sapagkat masdan, alam ko na
kung kayo ay palalakihin sa
[b]landas na dapat ninyong tahakin, hindi kayo lalayo rito.
6 Samakatwid, kung kayo ay
masusumpa, masdan, iniiwan
ko sa inyo ang aking pagbabasbas, upang ang sumpa ay maalis sa inyo at panagutan ng mga
[a]ulo ng inyong mga magulang.
7 Anupa't dahil sa aking pagbabasbas, [a]hindi pahihintulutan
ng Panginoong Diyos na kayo
ay masawi; kaya nga, siya ay
magiging [b]maawain sa inyo at
sa inyong mga binhi magpakailanman.
8 At ito ay nangyari na, nang
matapos ang aking ama sa pagsasalita sa mga anak na lalaki
at babae ni Laman, hiniling niyang ilapit sa harapan niya ang
mga anak na lalaki at babae ni
Lemuel.
9 At nangusap siya sa kanila,
sinasabing: Masdan, mga anak
kong lalaki at babae, na mga
anak na lalaki at babae ng aking
ikalawang anak na lalaki; masdan, iniiwan ko sa inyo ang katulad na pagbabasbas na iniwan ko sa mga anak na lalaki at
babae ni Laman; anupa't hindi
kayo lubusang malilipol; kundi sa huli ang inyong mga binhi
ay pagpapalain.
10 At ito ay nangyari na, nang
matapos ang aking ama sa pagsasalita sa kanila, masdan, siya
ay nagsalita sa mga anak na lalaki ni [a]Ismael, oo, at maging sa
kanyang buong sambahayan.
11 At matapos na siya ay mangusap sa kanila, siya ay nagsalita kay Sam, sinasabing: Pinagpala ka, at ang iyong mga
binhi; sapagkat mamanahin mo
ang lupain na katulad ng iyong
kapatid na si Nephi. At ang
iyong mga binhi ay mapapabilang sa kanyang mga binhi; at
ikaw ay matutulad din sa iyong
kapatid, at ang iyong mga binhi
ay matutulad sa kanyang mga
binhi; at ikaw ay pagpapalain
sa lahat ng iyong mga araw.
12 At ito ay nangyari na, na
matapos ang aking ama, si Lehi,
ay makapangusap sa buo niyang sambahayan, alinsunod
sa nararamdaman ng kanyang
puso at sa Espiritu ng Panginoon na nasa kanya, siya ay tumanda na. At ito ay nangyari na,
na siya ay namatay, at inilibing.
13 At ito ay nangyari na, na
hindi pa nakalilipas ang maraming araw pagkaraan ng kan-

4*a* 2 Ne. 1:9.
5*a* GBK Patriyarkal na Pagbabasbas, Mga.
*b* Kaw. 22:6.
6*a* D at T 68:25–29.
7*a* 2 Ne. 30:3–6; D at T 3:17–18.
*b* 1 Ne. 13:31; 2 Ne. 10:18–19; Jac. 3:5–9; Hel. 15:12–13.
10*a* 1 Ne. 7:6.

yang kamatayan, sina Laman
at Lemuel at ang mga anak na
lalaki ni Ismael ay nagalit sa
akin dahil sa mga babala ng Pa-
nginoon.
14 Sapagkat ako, si Nephi, ay
napilitang mangusap sa kanila,
alinsunod sa kanyang salita;
sapagkat ako ay nangusap ng
maraming bagay sa kanila, at
gayon din ang aking ama, bago
siya namatay; karamihan sa
mga naturan ay nakasulat sa
aking [a]ibang lamina; sapagkat
ang higit na malaking bahagi
ng kasaysayan ay nakasulat sa
aking ibang lamina.
15 At sa mga [a]ito ay isinulat ko
ang mga bagay ng aking kalulu-
wa, at maraming banal na kasu-
latan ang nakaukit sa mga lami-
nang tanso. Sapagkat ang aking
kaluluwa ay nalulugod sa mga
banal na kasulatan, at ang aking
puso ay [b]nagbubulay sa mga
yaon, at isinulat ang mga yaon
para sa [c]ikatututo at kapakina-
bangan ng aking mga anak.
16 Masdan, ang aking [a]kalulu-
wa ay nalulugod sa mga bagay
ng Panginoon; at ang aking
[b]puso ay patuloy na nagbubulay
sa mga bagay na aking nakita
at narinig.
17 Gayunpaman, sa kabila ng
dakilang [a]kabaitan ng Pangino-
on, sa pagpapakita sa akin ng
kanyang dakila at mga kagila-
gilalas na gawain, ang aking
puso ay napabulalas: O [b]kaha-
bag-habag akong tao! Oo, ang
aking puso ay nalulungkot da-
hil sa aking laman; ang aking
kaluluwa ay nagdadalamhati
dahil sa aking mga kasamaan.
18 Ako ay napipiit dahil sa
mga tukso at kasalanang ma-
daling [a]bumibihag sa akin.
19 At kapag nais kong magsa-
ya, ang aking puso ay duma-
raing dahil sa aking mga kasa-
lanan; gayunpaman, alam ko
kung kanino ako nagtiwala.
20 Ang aking Diyos ang aking
naging tagapagtaguyod; pinat-
nubayan niya ako sa aking mga
kahirapan sa ilang; at pinanga-
lagaan niya ako sa ibabaw ng
tubig ng malawak na dagat.
21 Pinuspos niya ako ng kan-
yang [a]pag-ibig, maging hang-
gang sa madaig ang aking la-
man.
22 Kanyang nilito ang aking
mga [a]kaaway, hanggang sa pa-
pangyarihin na sila ay mayanig
sa harapan ko.
23 Masdan, narinig niya ang
aking samo sa araw, at binigyan
niya ako ng kaalaman sa pama-
magitan ng mga [a]pangitain sa
gabi.
24 At sa araw ako ay nawalan
ng takot na taimtim na [a]mana-
langin sa harapan niya; oo, ang
aking tinig ay pinararating ko sa
kaitaasan; at ang mga anghel ay
bumaba at naglingkod sa akin.

14*a* 1 Ne. 1:16–17; 9:4.
15*a* 1 Ne. 6:4–6.
*b* GBK Pagbulay-bulay; Banal na Kasulatan, Mga.
*c* 1 Ne. 19:23.
16*a* GBK Salamat, Nagpapasalamat, Pasasalamat.
*b* GBK Puso.
17*a* 2 Ne. 9:10; D at T 86:11.
*b* Rom. 7:24.
18*a* Rom. 7:21–23; Heb. 12:1; Alma 7:15.
21*a* GBK Pagmamahal.
22*a* 1 Ne. 17:52.
23*a* GBK Pangitain.
24*a* Sant. 5:16; 1 Ne. 2:16.

25 At sa mga bagwis ng kanyang Espiritu ay [a]dinala ang aking katawan sa lubhang matataas na bundok. At ang aking mga mata ay nakamalas ng mga dakilang bagay, oo, maging napakadakila para sa tao; anupa't ako ay pinagbawalang isulat ang mga yaon.

26 O pagkatapos, kung nasaksihan ko ang mga gayong kadakilang bagay, kung ang Panginoon sa kanyang pagpapakababa sa mga anak ng tao ay dinalaw ang tao sa labis na pagkaawa, [a]bakit mananangis ang aking puso at ang kaluluwa ko ay mamamalagi sa lambak ng kalungkutan, at ang aking katawan ay nanlalambot, at ang aking lakas ay nanghihina, dahil sa aking paghihirap?

27 At bakit ako [a]magpapatalo sa kasalanan, dahil sa aking laman? Oo, bakit ko bibigyang-daan ang mga [b]tukso, na ang masama ay magkaroon ng pitak sa aking puso upang wasakin ang aking [c]katahimikan at pahirapan ang aking kaluluwa? Bakit ako nagagalit dahil sa aking kaaway?

28 Gumising, kaluluwa ko! Huwag nang yumuko sa kasalanan. Magsaya, O aking puso, at huwag nang magbigay-puwang kailanman sa [a]kaaway ng aking kaluluwa.

29 Huwag nang muling magalit dahil sa aking mga kaaway. Huwag nang manghina ang aking lakas dahil sa aking mga paghihirap.

30 Magsaya, O aking puso, at magsumamo sa Panginoon, at sabihin: O Panginoon, pupurihin ko kayo magpakailanman; oo, ang aking kaluluwa ay magsasaya sa inyo, aking Diyos, at [a]bato ng aking kaligtasan.

31 O Panginoon, maaari bang tubusin ninyo ang aking kaluluwa? Maaari bang iligtas ninyo ako mula sa mga kamay ng aking mga kaaway? Maaari bang gawin ninyong ako ay manginig sa paglitaw ng [a]kasalanan?

32 Sana ang mga pasukan ng impiyerno ay patuloy na mapinid sa harapan ko, sapagkat ang aking [a]puso ay bagbag at ang aking espiritu ay nagsisisi! O Panginoon, maaari bang huwag ninyong ipinid ang mga pasukan ng inyong kabutihan sa harapan ko, upang ako ay [b]makalakad sa landas ng mababang lambak, upang ako ay manatili sa patag na daan!

33 O Panginoon, maaari bang balutin ninyo ako ng bata ng inyong kabutihan! O Panginoon, maaari bang igawa ninyo ako ng daan upang makatakas sa harapan ng aking mga kaaway! Maaari bang gawin ninyong tuwid ang aking landas sa harapan ko! Maaari bang huwag kayong maglagay ng batong katitisuran sa aking daraanan—

25*a* 1 Ne. 11:1; Moi. 1:1–2.
26*a* Awit 43:5.
27*a* Rom. 6:13.
*b* GBK Tukso, Panunukso.
*c* GBK Kapayapaan.
28*a* GBK Diyablo.
30*a* 1 Cor. 3:11. GBK Bato.
31*a* Rom. 12:9; Alma 13:12.
32*a* GBK Bagbag na Puso.
*b* GBK Lumakad, Lumakad na Kasama ng Diyos.

bagkus inyong hawanin ang
aking daraanan sa harapan ko,
at huwag ninyong sanggahan
ang aking landas, kundi ang
daan ng aking kaaway.
34 O Panginoon, ako ay nagti-
wala sa inyo, at ako ay [a]magti-
tiwala sa inyo magpakailanman.
Hindi ako [b]magtitiwala sa bisig
ng laman; sapagkat alam kong
susumpain siya na [c]nagtitiwala
sa bisig ng laman. Oo, sumpain
siya na nagtitiwala sa tao at gi-
nagawa ang laman na kanyang
bisig.
35 Oo, alam ko na ang Diyos ay
magkakaloob nang [a]sagana sa
kanya na humihingi. Oo, ang
aking Diyos ay pagkakalooban
ako, kung ako ay [b]hihingi nang
[c]hindi lisya; samakatwid, paa-
abot ko ang aking tinig sa inyo,
oo, ako ay magsusumamo sa
inyo, aking Diyos, ang [d]bato ng
aking kabutihan. Masdan, ang
aking tinig ay papailanglang
sa inyo magpakailanman, aking
bato at aking Diyos na walang
hanggan. Amen.

## KABANATA 5

*Inihiwalay ng mga Nephita ang kanilang sarili mula sa mga Lamanita, sinunod ang mga batas ni Moises, at nagtayo ng templo—Dahil sa kanilang kawalang-paniniwala, ang mga Lamanita ay nahiwalay mula sa harapan ng Panginoon, ay isinumpa, at naging pahirap sa mga Nephita. Mga 588–559* B.C.

MASDAN, ito ay nangyari na, na
ako, si Nephi, ay labis na nag-
sumamo sa Panginoon kong
Diyos, dahil sa [a]galit ng aking
mga kapatid.
2 Datapwat masdan, ang ka-
nilang galit ay lalong naragda-
gan laban sa akin, hanggang
sa hinangad nilang kitlin ang
aking buhay.
3 Oo, sila ay bumulung-bulong
laban sa akin, sinasabing: Ang
ating nakababatang kapatid ay
nag-iisip na [a]mamuno sa atin;
at tayo ay nagkaroon na ng ma-
raming pagsubok dahil sa kan-
ya; kaya nga, ngayon, atin si-
yang patayin, upang hindi na
tayo mahirapan pa dahil sa kan-
yang mga salita. Sapagkat mas-
dan, hindi natin siya mapahi-
hintulutang maging ating pi-
nuno; sapagkat nauukol sa atin
na kanyang mga nakatatandang
kapatid, ang mamuno sa mga
taong ito.
4 Ngayon hindi ko isinusulat
sa mga laminang ito ang lahat
ng salitang kanilang ibinulung-
bulong laban sa akin. Datapwat
sapat nang aking sabihin na hi-
nangad nilang kitlin ang aking
buhay.
5 At ito ay nangyari na, na [a]bi-
nalaan ako ng Panginoon, na
ako, si [b]Nephi, ay dapat na lu-
mayo sa kanila at tumakas pa-
tungo sa ilang, at gayon din ang

34*a* GBK Pagtitiwala.
*b* Awit 44:6–8.
*c* Jer. 17:5; Morm. 3:9; 4:8.
35*a* Sant. 1:5.
*b* GBK Panalangin.
*c* Hel. 10:5.
*d* Deut. 32:4.
**5** 1*a* 2 Ne. 4:13–14.
3*a* 1 Ne. 16:37–38; Mos. 10:14–15.
5*a* GBK Inspirasyon.
*b* Mos. 10:13.

lahat ng gustong sumama sa
akin.
6 Kung kaya, ito ay nangyari
na, na ako, si Nephi, ay ipinag-
sama ang aking mag-anak, at
gayon din si [a]Zoram at ang kan-
yang mag-anak, at si Sam, ang
aking nakatatandang kapatid at
ang kanyang mag-anak, at sina
Jacob at Jose, ang aking mga
nakababatang kapatid, at gayon
din ang aking mga kapatid na
babae, at ang lahat ng may nais
na sumama sa akin. At ang la-
hat ng nagnais na sumama sa
akin ay yaong mga naniniwala
sa mga [b]babala at paghahayag
ng Diyos; anupa't sila ay naki-
nig sa aking mga salita.
7 At dinala namin ang aming
mga tolda at ang lahat ng ba-
gay na maaari naming madala,
at kami ay naglakbay sa ilang
sa loob ng maraming araw. At
makaraang kami ay maglakbay
sa loob ng maraming araw ay
itinayo namin ang aming mga
tolda.
8 At ninais ng aking mga tao na
tawagin namin ang pook sa pa-
ngalang [a]Nephi; kaya nga, tina-
wag namin itong Nephi.
9 At lahat silang sumama sa
akin ay tinaglay sa kanilang
sarili ang taguring mga [a]tao ni
Nephi.
10 At aming pinagsikapang
sundin ang mga kahatulan, at
ang mga batas, at ang mga ka-
utusan ng Panginoon sa lahat ng
bagay, alinsunod sa mga [a]batas
ni Moises.
11 At ang Panginoon ay suma-
amin; at kami ay labis na umun-
lad; sapagkat naghasik kami ng
binhi, at muli kaming umani
nang masagana. At kami ay
nagsimulang mag-alaga ng mga
kawan ng tupa at baka, at mga
hayop na iba't ibang uri.
12 At ako, si Nephi, ay dinala
rin ang mga talaang nakaukit
sa mga [a]laminang tanso; at ga-
yon din ang [b]bola, o [c]aguhon, na
inihanda para sa aking ama ng
kamay ng Panginoon, alinsunod
sa nasusulat.
13 At ito ay nangyari na, na
kami ay nagsimulang umunlad
nang labis, at dumami sa lupain.
14 At ako, si Nephi, ay kinuha
ang [a]espada ni Laban, at alin-
sunod sa pagkakagawa nito ay
gumawa ng maraming espada,
baka sa anumang paraan ang
mga tao na ngayon ay tinatawag
na mga [b]Lamanita ay sumalakay
sa amin at kami ay lipulin; sa-
pagkat nalalaman ko ang pag-
kapoot nila sa akin at sa aking
mga anak at sa kanila na tinata-
wag na aking mga tao.
15 At tinuruan ko ang aking
mga tao na magtayo ng mga
gusali, at kayarian ng lahat ng
uri ng kahoy, at ng [a]bakal, at ng

6*a* 1 Ne. 4:35; 16:7; 2 Ne. 1:30–32.
*b* GBK Babala, Binalaan.
8*a* Omni 1:12, 27; Mos. 9:1–4; 28:1.
9*a* Jac. 1:13–14.
10*a* 2 Ne. 11:4. GBK Batas ni Moises, Mga.
12*a* Mos. 1:3–4. GBK Lamina, Mga.
*b* Mos. 1:16.
*c* 1 Ne. 16:10, 16, 26; 18:12, 21; Alma 37:38–47; D at T 17:1.
14*a* 1 Ne. 4:9; Jac. 1:10; S ni M 1:13.
*b* GBK Lamanita, Mga.
15*a* Eter 10:23.

tanso, at ng asero, at ng ginto,
at ng pilak, at ng mahahalagang
inang mina, na lubhang napa-
karami.
16 At ako, si Nephi, ay nagta-
yo ng [a]templo; at ito ay itinayo
ko alinsunod sa pagkakayari ng
[b]templo ni Solomon maliban sa
ito ay hindi niyari sa maraming
[c]mahalagang bagay; sapagkat
ang mga ito ay hindi matatag-
puan sa lupain, kaya nga, ito ay
hindi mayayari na katulad ng
templo ni Solomon. Datapwat
ang paraan ng pagkakagawa ay
katulad ng templo ni Solomon;
at ang pagkakayari niyon ay la-
bis na mahusay.
17 At ito ay nangyari na, na
ako, si Nephi, ay pinapangya-
ring maging [a]masisipag ang
aking mga tao, at gumawa sa
pamamagitan ng kanilang mga
kamay.
18 At ito ay nangyari na, na
ninais nilang ako ang kanilang
maging [a]hari. Datapwat ako, si
Nephi, ay naghangad na huwag
silang magkaroon ng hari; ga-
yunpaman, ginawa ko para sa
kanila ang alinsunod sa kapang-
yarihan na nasa akin.
19 At masdan, ang mga salita
ng Panginoon ay natupad sa
aking mga kapatid, na kanyang
sinabi hinggil sa kanila, na ako
ang kanilang magiging [a]pinu-
no at kanilang [b]guro. Samakat-
wid, ako ang kanilang naging
pinuno at kanilang guro, alin-
sunod sa mga kautusan ng Pa-
nginoon, hanggang sa pana-
hong kanilang hangaring kitlin
ang aking buhay.
20 Samakatwid, ang salita ng
Panginoon ay natupad na kan-
yang sinabi sa akin, sinasabing:
Kung [a]hindi sila makikinig sa
iyong mga salita sila ay itatak-
wil mula sa harapan ng Pangino-
on. At masdan, sila ay [b]itinakwil
mula sa kanyang harapan.
21 At itinulot niyang sumapit
sa kanila ang [a]sumpa, oo, ma-
ging isang masidhing sumpa,
dahil sa kanilang kasamaan. Sa-
pagkat masdan, pinatigas nila
ang kanilang mga puso laban
sa kanya, kung kaya't natulad
sila sa batong kiskisan; anupa't
sapagkat sila ay mapuputi, at
labis na kaaya-aya at [b]kalugud-
lugod, upang hindi sila maging
kaakit-akit sa aking mga tao ay
itinulot ng Panginoong Diyos na
umitim ang kanilang mga [c]balat.
22 At ganito ang wika ng Pa-
nginoong Diyos: Itutulot ko na
sila ay maging [a]karima-rimarim
sa iyong mga tao, maliban na
lamang kung magsisisi sila sa
kanilang mga kasamaan.
23 At kasumpa-sumpa ang
mga binhi niya na [a]makikiisa sa
kanilang mga binhi; sapagkat
masusumpa sila ng gayon ding

16*a* GBK Templo, Bahay ng Panginoon.
*b* 1 Hari 6; 2 Cron. 3.
*c* D at T 124:26–27.
17*a* Gen. 3:19; D at T 42:42.
18*a* Jac. 1:9, 11.
19*a* 1 Ne. 2:22.
*b* GBK Turuan, Guro.
20*a* 2 Ne. 2:21.
*b* Alma 9:14.
21*a* GBK Sumpa, Mga Sumpa.
*b* 4 Ne. 1:10.
*c* 2 Ne. 26:33; 3 Ne. 2:14–16.
22*a* 1 Ne. 12:23.
23*a* GBK Kasal, Pagpapakasal—Pagpapakasal sa hindi kasampalataya.

sumpa. At winika ito ng Panginoon, at ito ay nangyari nga.
24 At dahil sa sumpa na napasakanila sila ay naging mga [a]tamad na tao, puno ng kalokohan at katusuhan, at naghanap sa ilang ng mga hayop na mahuhuli.
25 At sinabi sa akin ng Panginoong Diyos: Sila ay magiging pahirap sa iyong mga binhi, upang pukawin sila sa pagaalaala sa akin; at habang hindi nila ako naaalaala, at makikinig sa aking mga salita, kanilang pahihirapan sila maging tungo sa pagkalipol.
26 At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay [a]itinalaga sina Jacob at Jose, na maging mga saserdote at guro sila sa lupain ng aking mga tao.
27 At ito ay nangyari na, na kami ay namuhay nang maligaya.
28 At lumipas ang tatlumpung taon mula sa panahong nilisan namin ang Jerusalem.
29 At ako, si Nephi, ang nagiingat ng mga talaan sa aking mga lamina, na aking ginawa, tungkol sa aking mga tao sa ngayon.
30 At ito ay nangyari na, na ang Panginoong Diyos ay sinabi sa akin: Gumawa ng [a]iba pang mga lamina; at marami kang iuukit na bagay sa mga ito na mabuti sa aking paningin, para sa kapakinabangan ng iyong mga tao.
31 Anupa't, ako, si Nephi, upang maging masunurin sa mga kautusan ng Panginoon, ay humayo at ginawa ang mga laminang [a]ito kung saan ko iniukit ang mga bagay na ito.
32 At inukit ko ang yaong kasiya-siya sa Diyos. At kung nasisiyahan ang aking mga tao sa mga bagay ng Diyos sila ay masisiyahan sa aking mga inukit na nasa mga laminang ito.
33 At kung naising malaman ng aking mga tao ang tiyak na bahagi ng kasaysayan ng aking mga tao ay kinakailangan nilang saliksikin ang iba ko pang mga lamina.
34 At sapat nang sabihin ko na apatnapung taon ang lumipas, at kami ay nagkaroon na ng mga digmaan at pakikipag-alitan sa aming mga kapatid.

## KABANATA 6

*Muling iniulat ni Jacob ang kasaysayan ng mga Judio: Ang pagkabihag at pagbabalik mula sa Babilonia; ang ministeryo at pagkakapako sa krus ng Banal ng Israel; ang matatanggap na tulong mula sa mga Gentil; at panunumbalik sa huling araw ng mga Judio kapag naniwala sila sa Mesiyas. Mga 559–545 B.C.*

Ang mga salita ni Jacob, na kapatid ni Nephi, na kanyang sinabi sa mga tao ni Nephi:
2 Masdan, mga minamahal kong kapatid, ako, si Jacob, na tinawag ng Diyos, at inorde-

24*a* GBK Tamad, Katamaran.
26*a* Jac. 1:18–19; Mos. 23:17.
30*a* 1 Ne. 19:1–6.
31*a* GBK Lamina, Mga.

nan alinsunod sa kanyang ba-
nal na orden, at itinalaga ng
aking kapatid na si Nephi, na
inyong kinikilala bilang isang
[a]hari o isang tagapagtanggol,
at kung kanino kayo ay umaasa
para sa kaligtasan, masdan in-
yong nalalaman na lubhang ma-
raming bagay na ang aking na-
sabi sa inyo.
3 Gayon pa man, ako ay nag-
sasalitang muli sa inyo; sapag-
kat inaalaala ko ang kapakanan
ng inyong mga kaluluwa. Oo,
labis ang aking pag-aalaala sa
inyo; at nalalaman din ninyo na
noon pa man ay nag-aalaala na
ako. Sapagkat akin kayong pi-
nagpayuhan nang buong siga-
sig; at itinuro ko sa inyo ang
mga salita ng aking ama; at na-
ngusap ako sa inyo hinggil sa la-
hat ng bagay na nasusulat, mula
sa pagkakalikha ng daigdig.
4 At ngayon, masdan, ako ay
mangungusap sa inyo hinggil sa
mga bagay na nangyayari, at ya-
ong mga mangyayari pa; kaya
nga, babasahin ko sa inyo ang
mga salita ni [a]Isaias. At yaon
ang mga salitang ninanais ng
aking kapatid na aking sabihin
sa inyo. At ako ay nangungusap
sa inyo para sa inyong sariling
kapakanan, upang matuto kayo
at papurihan ang pangalan ng
inyong Diyos.
5 At ngayon, ang mga salitang
aking babasahin ay yaong mga
sinabi ni Isaias hinggil sa bu-
ong sambahayan ni Israel; anu-
pa't ang mga iyon ay maaaring
ihalintulad sa inyo, sapagkat
kayo ay kabilang sa sambaha-
yan ni Israel. At maraming ba-
gay ang mga nasabi ni Isaias na
maaaring ihalintulad sa inyo,
sapagkat kayo ay kabilang sa
sambahayan ni Israel.
6 At ngayon, ito ang mga salita:
[a]Ganito ang wika ng Panginoong
ong Diyos: Masdan, itataas ko
ang aking kamay sa mga Gentil,
at itatayo ko ang aking [b]sagisag
sa mga tao; at kakalungin nila
ang iyong mga anak na lalaki sa
kanilang mga bisig, at ang iyong
mga anak na babae ay papasa-
nin sa kanilang mga balikat.
7 At mga hari ang iyong magi-
ging mga tagakandiling ama,
at ang kanilang mga reyna ay
iyong mga tagakandiling ina;
magsisiyukod sila sa iyo na ang
kanilang mga mukha ay nasa
lupa, at hihimurin ang alikabok
ng iyong mga paa; at iyong ma-
kikilala na ako ang Panginoon;
sapagkat ang mga [a]naghihin-
tay sa akin ay hindi mahihiya.
8 At ngayon, ako, si Jacob, ay
mangungusap nang bahagya
hinggil sa mga salitang ito. Sa-
pagkat masdan, ipinakita sa
akin ng Panginoon na ang mga
yaong nasa [a]Jerusalem, kung
saan tayo nagmula, ay napatay
at mga [b]dinalang bihag.
9 Gayon pa man, ipinakita sa
akin ng Panginoon na muli si-

**6** 2*a* Jac. 1:9, 11.
4*a* 3 Ne. 23:1.
6*a* Is. 49:22–23.
*b* GBK Sagisag.
7*a* Moi. 1:6; D at T 133:45.
8*a* Est. 2:6; 1 Ne. 7:13; 2 Ne. 25:10; Omni 1:15; Hel. 8:20–21.
*b* 2 Hari 24:10–16; 25:1–12. GBK Israel—Ang pagkalat ng Israel.

lang [a]magbabalik. At ipinakita rin niya sa akin na ang Panginoong Diyos, ang Banal ng Israel, ay magpapakita ng kanyang sarili sa kanila sa laman; at matapos niyang ipakita ang sarili ay kanilang pahihirapan siya at [b]ipapako sa krus, ayon sa mga salita ng anghel na kumausap sa akin.

10 At matapos nilang patigasin ang kanilang mga puso at patigasin ang kanilang mga leeg laban sa Banal ng Israel, masdan, ang [a]paghuhukom ng Banal ng Israel ay sasapit sa kanila. At darating ang araw na sila ay babagabagin at pahihirapan.

11 Samakatwid, matapos na itaboy sila nang paroo't parito, sapagkat gayon ang wika ng anghel, marami ang pahihirapan sa laman, at hindi pahihintulutang masawi, dahil sa mga panalangin ng matatapat; ikakalat sila at babagabagin, at kapopootan; gayon pa man, ang Panginoon ay magiging maawain sa kanila, na [a]kapag makarating sila sa [b]kaalaman ng kanilang Manunubos, sila ay muling sama-samang [c]titipunin sa mga lupaing kanilang mana.

12 At pinagpala ang mga [a]Gentil, sila na mga isinulat ng propeta; sapagkat masdan, kung sakali mang magsisisi sila at hindi kakalabanin ang Sion, at hindi makikiisa sa yaong makapangyarihan at [b]karumal-dumal na simbahan, sila ay maliligtas; sapagkat tutuparin ng Panginoong Diyos ang kanyang mga [c]tipan na kanyang ginawa sa kanyang mga anak; at sa kadahilanang ito isinulat ng propeta ang mga bagay na ito.

13 Samakatwid, sila na kumakalaban sa Sion at sa mga pinagtipanang tao ng Panginoon ay hihimurin ang alikabok sa kanilang mga paa; at ang mga tao ng Panginoon ay hindi [a]mahihiya. Sapagkat ang mga tao ng Panginoon ay sila na mga [b]naghihintay sa kanya; sapagkat kanila pa ring hinihintay ang pagparito ng Mesiyas.

14 At masdan, ayon sa mga salita ng propeta, ang Mesiyas ay muling paparito sa [a]ikalawang pagkakataon upang bawiin silang muli; anupa't [b]ipakikita niya ang kanyang sarili sa kanila sa kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian, tungo sa [c]pagkawasak ng kanilang mga kaaway, sa pagdating ng araw na yaon na maniniwala sila sa kanya; at hindi niya lilipulin ang naniniwala sa kanya.

9*a* 1 Ne. 10:3.
*b* 1 Ne. 19:10, 13; Mos. 3:9; 3 Ne. 11:14–15. GBK Pagpapako sa Krus.
10*a* Mat. 27:24–25.
11*a* 1 Ne. 22:11–12; 2 Ne. 9:2.
*b* Os. 3:5.
*c* GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
12*a* 1 Ne. 14:1–2; 2 Ne. 10:9–10.
*b* GBK Diyablo—Ang simbahan ng diyablo.
*c* GBK Tipang Abraham.
13*a* 3 Ne. 22:4.
*b* Is. 40:31; 1 Ne. 21:23; D at T 133:45.
14*a* Is. 11:11; 2 Ne. 25:17; 29:1.
*b* 2 Ne. 3:5.
*c* 1 Ne. 22:13–14.

15 At sila na hindi maniniwala
sa kanya ay [a]lilipulin, kapwa sa
pamamagitan ng [b]apoy, at sa pa-
mamagitan ng bagyo, at sa pa-
mamagitan ng lindol, at sa pa-
mamagitan ng mga pagdanak
ng dugo, at sa pamamagitan ng
mga [c]salot, at sa pamamagitan
ng taggutom. At makikilala nila
na ang Panginoon ay Diyos, ang
Banal ng Israel.
16 [a]Sapagkat makukuha ba sa
makapangyarihan ang kanyang
huli, o ang [b]talagang nabihag ay
makalalaya?
17 Subalit ganito ang wika ng
Panginoon: Maging ang mga
[a]bihag ng makapangyarihan ay
kukunin, at ang huli ng kakila-
kilabot ay makalalaya; sapagkat
[b]ililigtas ng [c]Makapangyarihang
Diyos ang kanyang mga pinag-
tipanang tao. Sapagkat ganito
ang wika ng Panginoon: Maki-
kipaglaban ako sa kanila na
nakikipaglaban sa iyo—
18 At pakakainin ko sila na
nang-aapi sa iyo, ng kanilang
sariling laman; at malalango sila
ng kanilang sariling dugo gaya
ng matamis na alak; at maki-
kilala ng lahat ng tao na ako
ang Panginoon, ang iyong Ta-
gapagligtas at iyong [a]Manunu-
bos, ang [b]Makapangyarihan ni
Jacob.

## KABANATA 7

*Si Isaias ay nagsalita nang mala-mesiyas—Ang Mesiyas ay magtataglay ng dila ng nangaturuan—Ipinain niya ang kanyang likod sa mga mananakit—Hindi siya maaaring lituhin—Ihambing sa Isaias 50. Mga 559–545 B.C.*

Oo, sapagkat ganito ang wika
ng Panginoon: Isinantabi ba
kita, o itinakwil ba kita nang
tuluyan? Sapagkat ganito ang
wika ng Panginoon: Saan naro-
on ang sulat ng paghihiwalay
sa iyong ina? Kanino ba kita
ipinagpalit, o kanino ba sa mga
nagpapautang sa akin kita ipi-
nagbili? Oo, kanino kita ipinag-
bili? Masdan, dahil sa inyong
mga kasamaan [a]ipinagbili nin-
yo ang inyong sarili, at dahil
sa inyong mga kasalanan ang
iyong ina ay isinantabi.
2 Samakatwid, nang dumating
ako, walang tao; nang ako ay
[a]tumawag, oo, ay walang sinu-
mang sumagot. O sambahayan
ni Israel, naging maiksi na ba
ang aking kamay na hindi ma-
katubos, o wala ba akong ka-
pangyarihang makapagligtas?
Masdan, sa saway ko ay aking
tinutuyo ang [b]dagat, ginagawa
kong ilang ang kanilang mga

15*a* 2 Ne. 10:16; 28:15; 3 Ne. 16:8. GBK Huling Araw, Mga.
*b* Jac. 6:3.
*c* D at T 97:22–26.
16*a* Is. 49:24–26.
*b* IE ang mga pinagtipanang tao ng Panginoon, katulad ng isinaad sa talata 17.
17*a* 1 Ne. 21:25.
*b* 2 Hari 17:39.
*c* GBK Jehova.
18*a* GBK Manunubos.
*b* Gen. 49:24; Is. 60:16.
**7** 1*a* GBK Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan.
2*a* Kaw. 1:24–25; Is. 65:12; Alma 5:37.
*b* Ex. 14:21; Awit 106:9; D at T 133:68–69.

[c]ilog at ang kanilang mga [d]isda ay bumabaho dahil sa nangatuyo ang tubig, at nangamatay sila dahil sa uhaw.
3 Bibihisan ko ng [a]kadiliman ang kalangitan, at gagawin ko ang [b]damit na magaspang na kanilang pantakip.
4 Binigyan ako ng Panginoong Diyos ng [a]dila ng nangaturuan, upang aking malaman kung paanong aluin kayo ng mga salita sa tamang panahon, O sambahayan ni Israel. Kapag kayo ay nanlulupaypay siya ay nagigising tuwing umaga. Ginigising niya ang aking tainga upang makarinig ng gaya ng mga nangaturuan.
5 Binuksan ng Panginoong Diyos ang aking [a]tainga, at ako ay hindi naging mapanghimagsik, ni tumalikod man.
6 Aking ipinain ang aking likod sa mga [a]mananakit, at ang aking mga pisngi sa mga bumabaltak ng balbas. Hindi ko ikinubli ang aking mukha sa kahihiyan at sa paglura.
7 Sapagkat tutulungan ako ng Panginoong Diyos, samakatwid hindi ako maaaring malito. Anupa't inilagay ko ang aking mukha na parang batong kiskisan, at nalalaman kong hindi ako mapapahiya.
8 At malapit ang Panginoon, at pinawawalang-sala niya ako. Sino ang makikipaglaban sa akin? Tayo ay magsitayong magkakasama. Sino ang aking kaaway? Hayaang lumapit siya sa akin, at babagabagin ko siya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng aking bibig.
9 Sapagkat tutulungan ako ng Panginoong Diyos. At silang lahat na [a]hahatol sa akin, masdan, silang lahat ay maluluma na parang kasuotan, at lalamunin sila ng mga tanga.
10 Sino sa inyo ang natatakot sa Panginoon, na sumusunod sa [a]tinig ng kanyang tagapaglingkod, na lumalakad sa kadiliman at walang liwanag?
11 Masdan kayong lahat na nangagsusulsol ng apoy, na kumukubkob ng mga sulo, magsilakad kayo sa liyab ng [a]inyong apoy at sa gitna ng mga sulong inyong pinag-alab. Ito ang tatamuhin ninyo sa aking kamay—kayo ay magsisihiga sa kalungkutan.

## KABANATA 8

*Sa mga huling araw, aaliwin ang Sion at titipunin ang Israel ng Panginoon—Ang mga natubos ay magsisibalik sa Sion sa gitna ng kagalakan—Ihambing sa Isaias 51, at 52:1–2. Mga 559–545 B.C.*

Magsipakinig kayo sa akin, kayong nagsisisunod sa kabutihan. Magsitingin kayo sa [a]malaking bato na inyong kinaputulan, at sa luwang ng hukay na kinahukayan sa inyo.
2 Tingnan ninyo si Abraham,

2*c* Jos. 3:15–16.
*d* Ex. 7:21.
3*a* Ex. 10:21.
*b* Apoc. 6:12.
4*a* Lu. 2:46–47.
5*a* D at T 58:1.
6*a* Mat. 27:26; 2 Ne. 9:5.
9*a* Rom. 8:31.
10*a* D at T 1:38.
11*a* Huk. 17:6.
**8** 1*a* GBK Bato.

na inyong [a]ama, at si [b]Sara, siya
na nagsilang sa inyo; sapagkat
siya lamang ang tinawag ko, at
pinagpala siya.
3 Sapagkat aaliwin ng Pangino-
on ang [a]Sion, kanyang aaliwin
ang lahat niyang sirang dako; at
gagawin niyang tulad ng Eden
ang kanyang [b]ilang, at ang kan-
yang lupang tigang tulad ng
halamanan ng Panginoon. Ka-
galakan at kasayahan ay mata-
tagpuan doon, pagpapasalamat
at tinig na malambing.
4 Makinig sa akin, aking mga
tao; at pakinggan ninyo ako, O
aking bansa; sapagkat magmu-
mula sa akin ang isang [a]batas, at
ang aking kahatulan ay gagawin
kong [b]pinakaliwanag para sa
mga tao.
5 Nalalapit na ang aking kat-
wiran; lumabas na ang aking
[a]kaligtasan, at hahatol ang aking
mga bisig sa mga tao. Ang mga
[b]pulo ay maghihintay sa akin,
at sa aking bisig sila ay magtiti-
wala.
6 Itingin ninyo ang mga mata
sa kalangitan, at magsitingin
kayo sa lupa sa ibaba; sapagkat
ang [a]kalangitan ay [b]mapapa-
wing parang usok, at ang lupa
ay [c]malulumang parang kasuo-
tan; at silang nagsisitira roon
ay mamamatay sa gayon ding
pamamaraan. Subalit ang kalig-
tasan ko ay magpakailanman, at
ang aking katwiran ay hindi ma-
wawala.
7 Makinig sa akin, kayong na-
kaaalam ng kabutihan, mga tao
na kung kaninong mga puso ay
nasusulat ang aking batas, hu-
wag ninyong [a]katakutan ang
pula ng mga tao, ni katakutan
ang kanilang mga panlalait.
8 Sapagkat sila ay lalamunin
ng tanga na parang kasuotan, at
kakainin sila ng uod na parang
balahibo ng tupa. Subalit ang
kabutihan ko ay walang hang-
gan, at ang aking kaligtasan ay
sa lahat ng sali't salinlahi.
9 Gumising, gumising! Mag-
bihis ng [a]kalakasan, O bisig ng
Panginoon; gumising nang gaya
ng mga sinaunang araw. Hindi
ba't ikaw ang pumutol ng Ra-
hab, at sumugat sa dragon?
10 Hindi ba't ikaw ang tumuyo
sa dagat, sa tubig ng malaking
kailaliman; na iyong ginawang
[a]daan ang kailaliman ng dagat
upang daanan ng mga natubos?
11 Sa gayon, ang mga [a]tinubos
ng Panginoon ay magsisibalik,
at magsisiparoong may [b]awitan
sa Sion; at walang hanggang
kagalakan at kabanalan ay ma-
papasakanilang mga ulo; at ma-
tatamo nila ang kasayahan at
kagalakan; ang kalungkutan at
[c]pagdadalamhati ay mapapawi.

2*a* Gen. 17:1–8; D at T 132:49.
*b* Gen. 24:36.
3*a* GBK Sion.
*b* Is. 35:1–2, 6–7.
4*a* O turo, doktrina. Is. 2:3. GBK Ebanghelyo.
*b* GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo.
5*a* GBK Kaligtasan.
*b* 2 Ne. 10:20.
6*a* 2 Ped. 3:10.
*b* HEB ikakalat. Awit 102:25–27.
*c* HEB mabubulok.
7*a* Awit 56:4, 11; D at T 122:9.
9*a* D at T 113:7–8.
10*a* Is. 35:8.
11*a* GBK Tubos, Tinubos, Pagtubos.
*b* Is. 35:10.
*c* Apoc. 21:4.

12 [a]Ako siya; oo, ako siya na
umaalo sa iyo. Masdan, sino ka,
na [b]natatakot sa tao, na mama-
matay, at sa anak ng tao, na ga-
gawing parang [c]damo?
13 At [a]kalilimutan ang Pa-
nginoon na may lalang sa iyo,
na nagladlad ng kalangitan, at
naglagay ng saligan ng mundo,
at patuloy na natatakot sa bu-
ong araw, dahil sa pusok ng
mamimighati, sa wari ay handa
upang gumiba? At saan naroon
ang pusok ng mamimighati?
14 Ang bihag na tapon ay nag-
mamadali, upang siya ay pala-
yain, at hindi siya mamamatay
sa hukay, ni magkukulang ang
kanyang tinapay.
15 Subalit ako ang Panginoon
mong Diyos, na [a]nagpapaalon
sa tubig; Panginoon ng mga
Hukbo ang tawag sa akin.
16 At inilagay ko ang aking
mga salita sa iyong bibig, at ti-
nakpan kita sa lilim ng aking
kamay, upang aking mailadlad
ang kalangitan at mailagay ang
saligan ng mundo, at masabi sa
Sion: Masdan, kayo ang aking
mga [a]tao.
17 Gumising, gumising, buma-
ngon ka, O Jerusalem, na umi-
nom sa kamay ng Panginoon sa
[a]saro ng kanyang [b]matinding
galit—iyong sinaid hanggang
sa latak ang sarong nakalala-
ngo—
18 At walang pumatnubay sa
kanya isa man sa mga anak na
lalaking kanyang isinilang; ni
umalalay sa kanya isa man sa
mga anak na lalaking kanyang
pinalaki.
19 Ang dalawang [a]anak na la-
laking ito ay dumating sa iyo,
na nalulungkot para sa iyo—sa
iyong kapanglawan at pagka-
wasak, at ang taggutom at ang
espada—at kanino kita ipaa-
aliw?
20 Ang iyong mga anak na la-
laki ay nangakalupaypay, ma-
liban sa dalawang ito; sila ay
nakahiga sa lahat ng panulukan
ng lansangan; na katulad ng
isang mabangis na toro na nasa
silo, tigib ng matinding galit ng
Panginoon, ang pagbabanta ng
iyong Diyos.
21 Samakatwid masdan nga-
yon ito, ikaw na naghihirap, at
[a]lango, ngunit hindi ng alak:
22 Ganito ang wika ng iyong
Panginoon, ang Panginoon at
iyong Diyos ay [a]nagmamakaa-
wa sa kapakanan ng kanyang
mga tao; masdan, kukunin ko
sa iyong kamay ang sarong na-
kalalango, ang latak ng saro ng
aking matinding galit; hindi
mo na ito iinumin pang muli.
23 Subalit [a]aking ilalagay ito sa
kamay nila na nagpapahirap sa
iyo; na nakapagsabi sa iyong ka-
luluwa: Yumukod, upang kami
ay makadaan—at iyong inilatag
ang iyong katawan na parang
lupa at parang lansangan sa
kanila na nagdaraan.

12*a* D at T 133:47; 136:22.
*b* Jer. 1:8.
*c* Is. 40:6–8;
1 Ped. 1:24.
13*a* Jer. 23:27.
15*a* 1 Ne. 4:2.
16*a* 2 Ne. 3:9; 29:14.
17*a* Is. 29:9;
Jer. 25:15.
*b* Lu. 21:24.
19*a* Apoc. 11:3.
21*a* 2 Ne. 27:4.
22*a* Jer. 50:34.
23*a* Zac. 12:9.

24 [a]Gumising, gumising, isuot mo ang iyong [b]kalakasan, O [c]Sion; isuot ang iyong magagandang kasuotan, O Jerusalem, ang banal na lunsod; sapagkat mula ngayon ay [d]wala nang papasok sa iyo na hindi tuli at ang marumi.

25 Pagpagin mo ang sarili mula sa alabok; [a]bumangon, umupo, O Jerusalem; kalagan ang sarili mula sa mga [b]tali sa iyong leeg, O bihag na anak na babae ng Sion.

## KABANATA 9

*Ang mga Judio ay titipunin sa lahat ng kanilang lupang pangako—Tutubusin ng pagbabayad-sala ang tao mula sa Pagkahulog—Ang katawan ng mga patay ay babangon mula sa libingan, at ang kanilang mga espiritu mula sa impiyerno at paraiso—Sila ay hahatulan—Ang pagbabayad-sala ay nagliligtas mula sa kamatayan, impiyerno, sa diyablo, at walang hanggang pagdurusa—Ang mabubuti ay maliligtas sa kaharian ng Diyos—Mga parusa sa mga kasalanan ay itinakda—Ang Banal ng Israel ang tanod ng pasukan. Mga 559–545 B.C.*

AT ngayon, mga minamahal kong kapatid, binasa ko ang mga bagay na ito upang malaman ninyo ang hinggil sa mga [a]tipan ng Panginoon na kanyang ipinakipagtipan sa buong sambahayan ni Israel—

2 Na siya ay nangusap sa mga Judio, sa pamamagitan ng bibig ng kanyang mga banal na propeta, maging mula sa simula, sa bawat sali't salinlahi, hanggang sa dumating ang panahon na sila ay [a]maibalik sa tunay na simbahan at kawan ng Diyos; kung kailan sila ay [b]titipunin pauwi sa mga [c]lupaing kanilang mana, at manirahan sa lahat ng kanilang mga lupang pangako.

3 Masdan, mga minamahal kong kapatid, sinasabi ko sa inyo ang mga bagay na ito upang kayo ay magsaya, at [a]itaas ang inyong mga ulo magpakailanman, dahil sa mga pagpapalang ipagkakaloob ng Panginoong Diyos sa inyong mga anak.

4 Sapagkat nalalaman kong marami sa inyo ang nagsaliksik na mabuti, upang malaman ang mga bagay na mangyayari; kaya nga alam kong nalalaman ninyo na ang ating laman ay tiyak na manghihina at mamamatay; gayunman, sa ating mga [a]katawan ay makikita natin ang Diyos.

24*a* Is. 52:1–2.
*b* D at T 113:7–8.
*c* GBK Sion.
*d* Joel 3:17.
25*a* IE Magsibangon mula sa alabok at maupo sa kadakilaan, na natubos din sa wakas.
*b* D at T 113:9–10.
**9** 1*a* GBK Tipang Abraham.
2*a* 2 Ne. 6:11. GBK Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo.
*b* GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
*c* 2 Ne. 10:7–8. GBK Lupang Pangako.
3*a* PJS, Awit 24:7–10.
4*a* Job 19:26; Alma 11:41–45; 42:23; Hel. 14:15; Morm. 9:13.

5 Oo, alam kong nalalaman ninyo na sa katawan siya ay magpapakita roon sa mga nasa Jerusalem, na ating pinanggalingan; sapagkat kinakailangang iyon ay sa kanila; sapagkat itinulot na ang dakilang [a]Lumikha ay siya na ring magdusa upang mapasailalim ng tao sa laman, at mamatay para sa [b]lahat ng tao, upang ang lahat ng tao ay mapasailalim sa kanya.
6 Sapagkat kung paanong ang kamatayan ay napasalahat ng tao, upang matupad ang maawaing [a]plano ng dakilang Lumikha, talagang kinakailangang magkaroon ng kapangyarihan ng [b]pagkabuhay na mag-uli, at ang pagkabuhay na mag-uli ay tiyak na mapapasa-tao dahil sa [c]pagkahulog; at ang pagkahulog ay dumating dahil sa kasalanan; at dahil ang tao ay nahulog, sila ay [d]nahiwalay mula sa harapan ng Panginoon.
7 Anupa't talagang kailangang ito ay maging [a]walang hanggang [b]pagbabayad-sala—maliban kung ito ay maging walang hanggang pagbabayad-sala ang may kabulukang ito ay hindi makapagbibihis ng walang kabulukan. Kaya nga, ang [c]unang kahatulang sumapit sa tao ay tiyak na [d]mananatili nang walang hanggang panahon. At kung magkagayon, ang katawang ito ay tiyak na malilibing upang mabulok at maagnas sa inang lupa, upang hindi na bumangon pang muli.
8 O ang [a]karunungan ng Diyos, ang kanyang [b]awa at [c]biyaya! Sapagkat masdan, kung ang [d]katawang ito ay hindi na babangon pang muli ang ating espiritu ay tiyak na mapapasailalim sa anghel na yaon na [e]itinakwil mula sa kinaroroonan ng Diyos na Walang Hanggan, at naging [f]diyablo, upang hindi na bumangon pang muli.
9 At ang ating mga espiritu ay tiyak na matutulad sa kanya, at tayo ay magiging mga diyablo, mga [a]anghel ng diyablo, upang [b]masarahan mula sa kinaroroonan ng ating Diyos, at manatiling kasama ng ama ng [c]kasinungalingan, sa kalungkutan, katulad ng kanyang sarili; oo, sa nilikhang yaon na [d]dumaya sa ating mga unang magulang, na [e]nag-anyo sa kanyang sarili na halos katulad ng isang [f]anghel ng liwanag, at pinukaw ang mga anak ng tao sa mga

5*a* GBK Likha, Paglikha.
*b* Juan 12:32; 2 Ne. 26:24; 3 Ne. 27:14–15.
6*a* GBK Plano ng Pagtubos.
*b* GBK Pagkabuhay na Mag-uli.
*c* GBK Pagkahulog nina Adan at Eva.
*d* 2 Ne. 2:5.
7*a* Alma 34:10.
*b* GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala.
*c* Mos. 16:4–5; Alma 42:6, 9, 14.
*d* Mos. 15:19.
8*a* Job 12:13; Abr. 3:21. GBK Karunungan.
*b* GBK Awa, Maawain.
*c* GBK Biyaya.
*d* D at T 93:33–34.
*e* Is. 14:12; 2 Ne. 2:17–18; Moi. 4:3–4; Abr. 3:27–28.
*f* GBK Diyablo.
9*a* Jac. 3:11; Alma 5:25, 39.
*b* Apoc. 12:7–9.
*c* GBK Pagsisinungaling.
*d* Gen. 3:1–13; Mos. 16:3; Moi. 4:5–19.
*e* 2 Cor. 11:14; Alma 30:53.
*f* D at T 129:8.

[g]lihim na pagsasabwatan ng
pagpaslang at lahat ng uri ng
lihim na gawain ng kadiliman.
10 O kaydakila ng kabutihan
ng ating Diyos, na naghanda ng
daan upang tayo ay makawala
mula sa mahigpit na pagka-
kahawak ng kakila-kilabot na
halimaw na ito; oo, yaong hali-
maw, na [a]kamatayan at [b]impi-
yerno, na tinatawag kong kama-
tayan ng katawan, at kamatayan
din ng espiritu.
11 At dahil sa paraan ng [a]pag-
liligtas ng ating Diyos, ang Ba-
nal ng Israel, ang [b]kamatayang
ito, na aking sinabi, na tempo-
ral, ay palalayain ang patay nito;
kung aling kamatayan ay libi-
ngan.
12 At ang [a]kamatayang ito na
aking sinabi, na kamatayang
espirituwal, ay palalayain ang
kanyang mga patay; na kung
aling kamatayang espirituwal
ay [b]impiyerno; anupa't ang
kamatayan at impiyerno ay ka-
ilangang palayain ang kani-
lang mga patay, at ang impi-
yerno ay kailangang palayain
ang bihag nitong mga espiri-
tu, at ang libingan ay kaila-
ngang palayain ang bihag ni-
tong mga katawan, at ang mga
katawan at [c]espiritu ng tao ay
[d]magsasamang muli sa isa't
isa; at ito ay sa pamamagitan
ng kapangyarihan ng pagka-
buhay na mag-uli ng Banal ng
Israel.
13 O kaydakila ng [a]plano ng
ating Diyos! Sapagkat sa kabi-
lang dako, ang [b]paraiso ng Diyos
ay tiyak na palalayain ang mga
espiritu ng mabubuti, at ang
libingan ay palalayain ang ka-
tawan ng mabubuti; at ang es-
piritu at katawan ay [c]magsa-
samang muli sa sarili nito, at
lahat ng tao ay magiging walang
kabulukan, at [d]walang kamata-
yan, at sila ay mga buhay na ka-
luluwa, na may [e]ganap na [f]kaa-
lamang katulad natin na nasa
laman, maliban lamang na ang
ating kaalaman ay magiging
ganap.
14 Anupa't tayo ay magkaka-
roon ng ganap na [a]kaalaman ng
lahat ng ating mga [b]pagkakasa-
la, at ng ating karumihan, at ng
ating [c]kahubaran; at ang mabu-
buti ay magkakaroon ng ganap
na kaalaman ng kanilang kasi-
yahan, at ng kanilang [d]kabuti-
han, na [e]nabibihisan ng [f]kadali-
sayan, oo, maging ng [g]bata ng
kabutihan.
15 At ito ay mangyayari na ka-
pag ang lahat ng tao ay maka-

9*g* GBK Lihim na Pagsasabwatan, Mga.
10*a* Mos. 16:7–8; Alma 42:6–15.
*b* GBK Impiyerno.
11*a* GBK Tagapagligtas.
*b* GBK Kamatayan, Pisikal na.
12*a* GBK Kamatayan, Espirituwal na.
*b* D at T 76:81–85.
*c* GBK Espiritu.
*d* GBK Pagkabuhay na Mag-uli.
13*a* GBK Plano ng Pagtubos.
*b* D at T 138:14–19. GBK Paraiso.
*c* Alma 11:43.
*d* GBK Kawalang-kamatayan, Walang Kamatayan.
*e* GBK Ganap.
*f* D at T 130:18–19.
14*a* Mos. 3:25; Alma 5:18.
*b* GBK Pagkakasala.
*c* Morm. 9:5.
*d* GBK Matwid, Katwiran.
*e* Kaw. 31:25.
*f* GBK Dalisay, Kadalisayan.
*g* D at T 109:76.

lampas mula sa unang kamata-
yang ito tungo sa pagkabuhay,
kung kaya nga't sila ay naging
walang kamatayan, sila ay ti-
yak na haharap sa [a]hukumang-
luklukan ng Banal ng Israel; at
ang [b]kahatulan ay igagawad, at
sila'y kailangang hatulan alin-
sunod sa banal na paghuhukom
ng Diyos.
16 At tunay, yamang ang
Panginoon ay buhay, sapagkat
ang Panginoong Diyos ang nag-
sabi nito, at ito ay kanyang wa-
lang hanggang [a]salita, na hindi
maaaring [b]maglaho, na sila na
mabubuti ay mananatili pa
ring mabubuti, at sila na [c]ma-
rurumi ay mananatili pa ring
[d]marurumi; samakatwid, sila
na marurumi ay [e]diyablo at
kanyang mga anghel; at sila
ay matutungo sa [f]walang hang-
gang apoy, na inihanda para
sa kanila; at ang kanilang pag-
durusa ay magiging kagaya
ng [g]lawa ng apoy at asupre, na
ang ningas ay pumapailanglang
magpakailanman at walang ka-
tapusan.
17 O ang kadakilaan at ang
[a]katarungan ng ating Diyos!
Sapagkat isinasagawa niya ang
lahat ng kanyang salita, at ang
mga yaon ay nagmula sa kan-
yang bibig, at ang kanyang ba-
tas ay tiyak na matutupad.
18 Datapwat, masdan, ang ma-
bubuti, ang mga [a]banal ng Banal
ng Israel, sila na nangagsipani-
wala sa Banal ng Israel, sila na
nangagsipagtiis sa mga [b]pasa-
kit ng daigdig, at nasuklam sa
kahihiyan nito, sila ay [c]magma-
mana ng [d]kaharian ng Diyos,
na inihanda para sa kanila [e]mula
pa sa pagkakatatag ng daigdig,
at ang kanilang kagalakan ay
malulubos [f]magpakailanman.
19 O ang kadakilaan ng awa
ng ating Diyos, ang Banal ng
Israel! Sapagkat [a]iniligtas niya
ang kanyang mga banal mula
sa [b]kakila-kilabot na halimaw,
ang diyablo, at kamatayan, at
[c]impiyerno, at doon sa lawa ng
apoy at asupre, na walang ka-
tapusang pagdurusa.
20 O kaydakila ng [a]kabanalan
ng ating Diyos! Sapagkat [b]nala-
laman niya ang lahat ng bagay,
at walang anumang bagay na
hindi niya alam.
21 At siya ay paparito sa daig-
dig upang kanyang [a]mailigtas
ang lahat ng tao kung sila ay
makikinig sa kanyang tinig; sa-
pagkat masdan, kanyang titii-
sin ang sakit ng lahat ng tao,
oo, ang [b]sakit ng bawat nilalang,

15*a* GBK Paghuhukom, Ang Huling.
*b* Awit 19:9; 2 Ne. 30:9.
16*a* 1 Hari 8:56; D at T 1:38; Moi. 1:4.
*b* D at T 56:11.
*c* GBK Marumi, Karumihan.
*d* 1 Ne. 15:33–35; Alma 7:21; Morm. 9:14; D at T 88:35.
*e* GBK Diyablo.
*f* Mos. 27:28.
*g* Apoc. 21:8; 2 Ne. 28:23; D at T 63:17.
17*a* GBK Katarungan.
18*a* GBK Banal (pangngalan).
*b* Lu. 14:27.
*c* D at T 45:58; 84:38.
*d* GBK Kadakilaan.
*e* Alma 13:3.
*f* GBK Buhay na Walang Hanggan.
19*a* D at T 108:8.
*b* 1 Ne. 15:35.
*c* GBK Impiyerno.
20*a* GBK Kabanalan.
*b* Alma 26:35; D at T 38:2.
21*a* GBK Kaligtasan.
*b* D at T 18:11; 19:18.

kapwa lalaki, babae, at mga
bata, na kabilang sa mag-anak
ni [c]Adan.
22 At titiisin niya ito upang
ang pagkabuhay na mag-uli ay
maganap sa lahat ng tao, upang
ang lahat ay tumayo sa hara-
pan niya sa dakila at araw ng
paghuhukom.
23 At kanyang inutusan ang
lahat ng tao na kailangang si-
la'y [a]magsisi, at [b]mabinyagan
sa kanyang pangalan, na may
ganap na pananampalataya sa
Banal ng Israel, o sila ay di ma-
aaring maligtas sa kaharian ng
Diyos.
24 At kung hindi sila magsisisi
at maniniwala sa kanyang pa-
ngalan, at mabibinyagan sa kan-
yang [a]pangalan, at [b]magtitiis
hanggang wakas, sila ay tiyak
na [c]susumpain; sapagkat ang
Panginoong Diyos, ang Banal ng
Israel, ang nagsalita nito.
25 Samakatwid, siya ay nagbi-
gay ng [a]batas; at kung saan [b]wa-
lang batas na ibinigay ay wa-
lang kaparusahan; at kung wa-
lang kaparusahan ay walang
paghatol; at kung walang pag-
hatol ang mga awa ng Banal ng
Israel ang aangkin sa kanila,
dahil sa pagbabayad-sala; sa-
pagkat sila ay ililigtas ng ka-
pangyarihan niya.
26 Sapagkat ang [a]pagbabayad-
sala ang makasisiya sa mga hi-
nihingi ng kanyang [b]katarungan
sa lahat ng [c]yaong walang [d]batas
na ibinigay sa kanila, sila ay
maliligtas mula sa yaong kaki-
la-kilabot na halimaw, kamata-
yan at impiyerno, at sa diyablo,
at sa lawa ng apoy at asupre, na
walang hanggang pagdurusa;
at sila ay ibabalik sa yaong
Diyos na nagkaloob sa kanila
ng [e]hininga, na siyang Banal ng
Israel.
27 Datapwat sa aba niya na bi-
nigyan ng [a]batas, oo, yaong may
taglay ng lahat ng kautusan ng
Diyos, na katulad natin, at lu-
mabag sa mga ito, at sinayang
ang mga araw ng kanyang pag-
subok, sapagkat kakila-kilabot
ang kanyang magiging kalaga-
yan!
28 O yaong tusong [a]plano ni-
yang masama! O ang [b]kahambu-
gan, at mga kahinaan, at kaha-
ngalan ng mga tao! Kapag sila
ay [c]marurunong, inaakala nila
na sila ay [d]matatalino, at sila
ay hindi nakikinig sa [e]payo ng

21*c* GBK Adan.
23*a* GBK Magsisi, Pagsisisi.
*b* GBK Pagbibinyag, Binyagan.
24*a* GBK Jesucristo—Taglayin ang pangalan ni Jesucristo sa atin.
*b* GBK Makapagtiis.
*c* GBK Kapahamakan.
25*a* Sant. 4:17. GBK Batas.
*b* Rom. 4:15; 2 Ne. 2:13; Alma 42:12–24. GBK Mananagot, Pananagutan, May Pananagutan.
26*a* 2 Ne. 2:10; Alma 34:15–16. GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala.
*b* GBK Katarungan.
*c* Mos. 3:11.
*d* Mos. 15:24; D at T 137:7.
*e* Gen. 2:7; D at T 93:33; Abr. 5:7.
27*a* Lu. 12:47–48.
28*a* Alma 28:13.
*b* GBK Kawalang-kabuluhan, Walang Kabuluhan.
*c* Lu. 16:15; 2 Ne. 26:20; 28:4, 15.
*d* Kaw. 14:6; Jer. 8:8–9; Rom. 1:22. GBK Kapalaluan; Karunungan.
*e* Alma 37:12. GBK Payo, Papayuhan.

Diyos, sapagkat isinasaisang
tabi nila ito, inaakala nilang
alam nila sa kanilang sarili, kaya
nga, ang kanilang karunungan
ay kahangalan at wala silang
pakinabang dito. At sila ay ma-
sasawi.
29 Subalit ang maging maru-
nong ay mabuti kung sila ay
[a]makikinig sa mga [b]payo ng
Diyos.
30 Datapwat sa aba sa [a]maya-
yaman, na mayayaman sa mga
bagay ng daigdig. Sapagkat sila
ay mayayaman, kanilang hina-
hamak ang mga [b]maralita, at
kanilang pinag-uusig ang maa-
amo, at ang kanilang mga puso
ay nasa kanilang mga kayama-
nan; anupa't ang kanilang ka-
yamanan ang kanilang diyos.
At masdan, ang kanilang kaya-
manan ay mawawala ring ka-
sama nila.
31 At sa aba sa mga bingi na
ayaw [a]makinig; sapagkat sila ay
masasawi.
32 Sa aba sa mga bulag na
ayaw makakita; sapagkat sila
rin ay masasawi.
33 Sa aba sa mga hindi tuli ang
puso, sapagkat ang kaalaman
ng kanilang kasamaan ang ba-
bagabag sa kanila sa huling
araw.
34 Sa aba sa mga [a]sinungaling,
sapagkat sila ay itatapon sa [b]im-
piyerno.
35 Sa aba sa mamamatay-tao
na [a]pumapatay nang sadya, sa-
pagkat siya ay [b]mamamatay.
36 Sa aba sa mga gumagawa
ng mga [a]pagpapatutot, sapagkat
sila ay itatapon sa impiyerno.
37 Oo, sa aba nila na [a]sumasam-
ba sa mga diyus-diyusan, sa-
pagkat ang diyablo ng lahat ng
diyablo ay nalulugod sa kanila.
38 At, sa madaling salita, sa
aba nilang lahat na namatay sa
kanilang mga kasalanan; sapag-
kat sila ay [a]babalik sa Diyos,
at mamamasdan ang kanyang
mukha, at mananatili sa kani-
lang mga kasalanan.
39 O, mga minamahal kong
kapatid, alalahanin ang kakila-
kilabot na paglabag laban sa
Banal na Diyos, at gayundin ang
kakila-kilabot na pagbibigay-
daan sa mga pang-aakit ng ya-
ong [a]tuso. Tandaan, ang ma-
ging [b]mahalay sa kaisipan ay
[c]kamatayan, at ang maging es-
pirituwal sa kaisipan ay [d]bu-
hay na [e]walang hanggan.
40 O, mga minamahal kong
kapatid, makinig sa aking mga
salita. Alalahanin ang kadaki-
laan ng Banal ng Israel. Huwag

29*a* 2 Ne. 28:26.
*b* Jac. 4:10.
30*a* Lu. 12:34; 1 Tim. 6:10; D at T 56:16.
*b* GBK Maralita.
31*a* Ez. 33:30–33; Mat. 11:15; Mos. 26:28; D at T 1:2, 11, 14; Moi. 6:27.
34*a* Kaw. 19:9. GBK Matapat, Katapatan; Pagsisinungaling.
*b* GBK Impiyerno.
35*a* Ex. 20:13; Mos. 13:21.
*b* GBK Mabigat na Kaparusahan.
36*a* 3 Ne. 12:27–29. GBK Kalinisang-puri.
37*a* GBK Pagsamba sa Diyus-diyusan.
38*a* Alma 40:11, 13.
39*a* 2 Ne. 28:20–22; 32:8; Mos. 2:32; 4:14; Alma 30:53.
*b* Rom. 8:6. GBK Makamundo.
*c* GBK Kamatayan, Espirituwal na.
*d* Kaw. 11:19.
*e* GBK Buhay na Walang Hanggan.

sabihin na ako ay nagsasalita
nang masasakit na bagay laban
sa inyo; sapagkat kung gagawin
ninyo ito, kayo ay manlalait la-
ban sa [a]katotohanan; sapagkat
sinabi ko ang mga salita ng in-
yong Lumikha. Alam ko na ang
mga salita ng katotohanan ay
[b]masakit laban sa lahat ng karu-
mihan; ngunit ang mabubuti ay
hindi natatakot sa mga yaon, sa-
pagkat minamahal nila ang ka-
totohanan at hindi nanginginig.
41 O kung gayon, mga mina-
mahal kong kapatid, [a]lumapit sa
Panginoon, sa yaong Banal. Pa-
katandaan na ang kanyang mga
landas ay mabuti. Masdan, ang
[b]daan para sa tao ay [c]makipot,
ngunit ito'y nasa isang tuwid na
daraanan sa harapan niya, at
ang Banal ng Israel ang tanod
ng [d]pasukan; at wala siyang inu-
upahang tagapaglingkod doon;
at walang ibang daan maliban
sa pasukan; sapagkat hindi siya
malilinlang, sapagkat Pangino-
ong Diyos ang kanyang panga-
lan.
42 At ang sinumang kakatok,
siya ay kanyang pagbubuksan;
at ang [a]matatalino, at ang maru-
runong, at silang mayayaman,
na [b]nagmamataas dahil sa ka-
nilang pinag-aralan, at kani-
lang karunungan, at kanilang
mga kayamanan—oo, sila ya-
ong kanyang kinasusuklaman;
at maliban kung kanilang iwa-
waksi ang mga bagay na ito, at
ituturing na mga [c]hangal ang
kanilang sarili sa harapan ng
Diyos, at bumaba sa kailaliman
ng [d]pagpapakumbaba, hindi
niya sila pagbubuksan.
43 Ngunit ang mga bagay ng
matatalino at masisinop ay [a]iku-
kubli mula sa kanila magpaka-
ilanman—oo, yaong kaligaya-
hang inihanda para sa mga
banal.
44 O, mga minamahal kong ka-
patid, pakatandaan ang aking
mga salita. Masdan, hinuhubad
ko ang aking mga kasuotan, at
ipinapagpag ko ang mga ito sa
harapan ninyo; ako ay duma-
dalangin sa Diyos ng aking ka-
ligtasan na tingnan niya ako ng
kanyang [a]mapagsiyasat na mata;
anupa't malalaman ninyo sa hu-
ling araw, kung kailan ang lahat
ng tao ay hahatulan sa kanilang
mga gawa, na ang Diyos ng Isra-
el ay sumaksing [b]ipinagpag ko
ang inyong mga kasamaan mula
sa aking kaluluwa, at na ako ay
makatatayo nang maningning
sa harapan niya, at ako ay [c]naa-
lisan ng inyong dugo.
45 O, mga minamahal kong
kapatid, talikuran ang inyong
mga kasalanan; iwagwag ang
mga [a]tanikala niya na gagapos

40*a* GBK Katotohanan.
*b* 1 Ne. 16:2; 2 Ne. 28:28; 33:5.
41*a* 1 Ne. 6:4; Jac. 1:7; Omni 1:26; Moro. 10:30–32.
*b* 2 Ne. 31:17–21; Alma 37:46; D at T 132:22, 25.
*c* Lu. 13:24; 2 Ne. 33:9; Hel. 3:29–30.
*d* 2 Ne. 31:9, 17–18; 3 Ne. 14:13–14; D at T 43:7; 137:2.
42*a* Mat. 11:25.
*b* GBK Kapalaluan.
*c* 1 Cor. 3:18–21.
*d* GBK Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba.
43*a* 1 Cor. 2:9–16.
44*a* Jac. 2:10.
*b* Jac. 1:19.
*c* Jac. 2:2; Mos. 2:28.
45*a* 2 Ne. 28:22; Alma 36:18.

sa inyo nang mahigpit; lumapit
sa yaong Diyos na siyang [b]bato
ng inyong kaligtasan.
46 Ihanda ang inyong mga ka-
luluwa para sa maluwalhating
araw na yaon, kung kailan ang
[a]katarungan ay igagawad sa
mabubuti, maging ang araw ng
[b]paghuhukom, upang huwag
kayong manliit nang may naka-
panghihilakbot na takot; upang
huwag ninyong maalaala ang
inyong nakakikilabot na [c]pagka-
kasala sa kaganapan, at mapili-
tang bumulalas: Banal, banal
ang inyong mga kahatulan, O
Panginoong Diyos na [d]Pina-
kamakapangyarihan — ngunit
alam ko ang aking pagkakasala;
ako ay lumabag sa inyong batas,
at ang mga kasalanan ko ay sa
akin; at nakuha ako ng diyablo,
na ako ay biktima ng kanyang
nakapanghihilakbot na kalung-
kutan.
47 Ngunit masdan, mga kapa-
tid ko, hindi ba't kinakailangang
kayo ay gisingin ko sa isang ka-
kila-kilabot na katotohanan ng
mga bagay na ito? Sasaktan ko
ba ang inyong mga kaluluwa
kung ang inyong mga isipan ay
dalisay? Ako ba ay magiging
matapat sa inyo alinsunod sa
katapatan ng katotohanan kung
kayo ay malaya sa kasalanan?
48 Masdan, kung kayo ay ba-
nal mangungusap ako sa inyo
ng kabanalan; ngunit yamang
kayo ay hindi banal, at itinutu-
ring ninyo akong isang guro,
talagang kinakailangang [a]turu-
an ko kayo ng kahihinatnan ng
[b]kasalanan.
49 Masdan, ang aking kalulu-
wa ay napopoot sa kasalanan,
at ang aking puso ay nalulugod
sa kabutihan; at [a]pupurihin ko
ang banal na pangalan ng aking
Diyos.
50 Halikayo, mga kapatid ko,
bawat isa na nauuhaw, lumapit
kayo sa mga [a]tubig; at siya na
walang salapi, halika bumili ka
at kumain; oo, bumili ng alak
at gatas nang walang [b]salapi at
walang bayad.
51 Samakatwid, huwag gugu-
lin ang salapi sa mga yaong
walang kabuluhan, o ang inyong
[a]paggawa sa mga yaong hindi
nakasisiya. Makinig kayo nang
masigasig sa akin, at tandaan
ang mga salitang aking sinabi;
at lumapit sa Banal ng Israel, at
[b]magpakabusog doon sa hindi
nawawala, ni nasisira, at haya-
ang ang inyong kaluluwa ay
malugod sa katabaan.
52 Masdan, mga minamahal
kong kapatid, pakatandaan ang
mga salita ng inyong Diyos; pa-
tuloy na manalangin sa kanya sa
araw, at [a]magbigay-pasalamat
sa kanyang banal na pangalan
sa gabi. Magsaya ang inyong
mga puso.
53 At masdan kaydakila ng

45*b* GBK Bato.
46*a* GBK Katarungan.
*b* GBK Paghuhukom, Ang Huling.
*c* Mos. 3:25.
*d* 1 Ne. 1:14; Moi. 2:1.
48*a* Alma 37:32.
*b* GBK Kasalanan.
49*a* 1 Ne. 18:16.
50*a* GBK Buhay na Tubig.
*b* Alma 42:27.
51*a* Is. 55:1–2.
*b* 2 Ne. 31:20; 32:3; 3 Ne. 12:6.
52*a* GBK Salamat, Nagpapasalamat, Pasasalamat.

mga [a]tipan ng Panginoon, at kaydakila ng kanyang mga pagpapakababa sa mga anak ng tao; at dahil sa kanyang kadakilaan, at kanyang biyaya at [b]awa, kanyang ipinangako sa atin na ang ating mga binhi ay hindi lubusang malilipol, ayon sa laman, kundi kanyang pangangalagaan sila; at sa mga darating na salinlahi, sila ay magiging isang mabuting [c]sanga sa sambahayan ni Israel.

54 At ngayon, mga kapatid ko, magsasalita pa ako sa inyo nang marami; ngunit sa kinabukasan ko na ipahahayag sa inyo ang nalalabi sa aking mga salita. Amen.

## KABANATA 10

*Ipapako ng mga Judio ang kanilang Diyos—Sila ay ikakalat hanggang sa magsimula silang maniwala sa kanya—Ang Amerika ay magiging lupain ng kalayaan na kung saan ay walang haring mamamahala—Makipagkasundo sa Diyos at magtamo ng kaligtasan sa pamamagitan ng kanyang biyaya. Mga 559–545* B.C.

AT ngayon ako, si Jacob, ay muling nangungusap sa inyo, mga minamahal kong kapatid, hinggil sa mabuting [a]sangang ito na aking sinabi.

2 Sapagkat masdan, ang mga [a]pangakong ating natanggap ay mga pangako sa atin ayon sa laman; samakatwid, tulad ng ipinakita sa akin na marami sa ating mga anak ang masasawi sa laman dahil sa kawalang-paniniwala, gayunman, magiging maawain ang Diyos sa marami; at ang ating mga anak ay ibabalik, upang makarating sila sa mga yaong makapagbibigay ng tunay na kaalaman tungkol sa kanilang Manunubos.

3 Samakatwid, tulad ng nasabi ko sa inyo, talagang kinakailangan lamang na si Cristo—sapagkat sa nakaraang gabi ay sinabi sa akin ng [a]anghel na ito ang magiging pangalan niya—ay [b]paroroon sa mga Judio, sa mga yaong higit na masasama sa daigdig; at kanilang [c]ipapako siya—sapagkat minarapat ito ng ating Diyos, at wala nang ibang bansa sa mundo na [d]magpapako sa kanilang [e]Diyos.

4 Sapagkat kung ang mga makapangyarihang [a]himala ay gawin sa mga ibang bansa sila ay magsisisi, at kikilalanin na siya ang kanilang Diyos.

5 Subalit dahil sa mga [a]huwad na pagkasaserdote at mga kasamaan, sila na nasa Jerusalem ay patitigasin ang kanilang mga

53*a* GBK Tipan.
*b* GBK Awa, Maawain.
*c* GBK Ubasan ng Panginoon.
**10** 1*a* 1 Ne. 15:12–16; 2 Ne. 3:5; Jac. 5:43–45.
2*a* 1 Ne. 22:8; 3 Ne. 5:21–26; 21:4–7.
3*a* 2 Ne. 25:19; Jac. 7:5; Moro. 7:22.
*b* GBK Jesucristo—Mga propesiya hinggil sa pagsilang at kamatayan ni Jesucristo.
*c* 1 Ne. 11:33; Mos. 3:9; D at T 45:52–53.
*d* Lu. 23:20–24.
*e* 1 Ne. 19:10.
4*a* GBK Himala.
5*a* Lu. 22:2. GBK Huwad na Pagkasaserdote.

leeg laban sa kanya, kaya nga
siya ay ipapako sa krus.
6 Samakatwid, dahil sa kani-
lang mga kasamaan, mga pag-
kalipol, taggutom, salot, at pag-
danak ng dugo ay sasapit sa ka-
nila; at sila na hindi malilipol
ay [a]ikakalat sa lahat ng bansa.
7 Subalit masdan, ganito ang
wika ng [a]Panginoong Diyos:
[b]Kapag dumating ang araw na
maniniwala sila sa akin, na ako
ang Cristo, na nakipagtipan ako
sa kanilang mga ama na sila ay
ibabalik habang nasa laman, sa
mundo, sa mga lupaing kani-
lang mana.
8 At ito ay mangyayari na sila
ay [a]titipunin sa matagal nilang
pagkakakalat, mula sa mga
[b]pulo ng dagat, at mula sa apat
na sulok ng mundo; at ang mga
bansa ng mga Gentil ay magi-
ging dakila sa aking paningin,
wika ng Diyos, sa [c]pagdadala
sa kanila sa mga lupaing kani-
lang mana.
9 [a]Oo, ang mga hari ng mga
Gentil ay magiging mga taga-
kandiling ama sa kanila, at ang
kanilang mga reyna ay magi-
ging mga tagakandiling ina;
anupa't ang mga [b]pangako ng
Panginoon ay dakila sa mga
Gentil, sapagkat sinabi niya ito,
at sino ang makikipagtalo?
10 Subalit masdan, ang lupa-
ing ito, wika ng Diyos, ay ma-
giging lupaing iyong mana, at
ang mga [a]Gentil ay pagpapala-
in sa lupain.
11 At ang lupaing ito ay magi-
ging lupain ng [a]kalayaan sa mga
Gentil, at hindi magkakaroon ng
mga [b]hari sa lupain, na ibaba-
ngon sa mga Gentil.
12 At aking palalakasin ang
lupaing ito laban sa lahat ng iba
pang bansa.
13 At siya na [a]lumalaban sa
Sion ay [b]masasawi, wika ng
Diyos.
14 Sapagkat siya na magbaba-
ngon ng isang hari laban sa akin
ay masasawi, sapagkat ako, ang
Panginoon, na [a]hari ng langit,
ang kanilang magiging hari, at
ako ang magsisilbing [b]ilaw sa
kanila magpakailanman, na mga
makikinig sa aking mga salita.
15 Samakatwid, sa dahilang
ito, upang matupad ang aking
mga [a]tipan na aking ginawa sa
mga anak ng tao, na aking ga-
gawin sa kanila habang sila ay
nasa laman, talagang kinaka-
ilangan kong wasakin ang mga
[b]lihim na gawain ng [c]kadili-
man, at ang mga pagpaslang,
at ang mga karumal-dumal na
gawain.
16 Anupa't sino man ang ku-

6*a* 1 Ne. 19:13–14.
GBK Israel—Ang pagkalat ng Israel.
7*a* GBK Panginoon.
*b* 2 Ne. 25:16–17.
8*a* GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
*b* 1 Ne. 22:4; 2 Ne. 10:20–22; D at T 133:8.
*c* 2 Ne. 22:8.
9*a* Is. 49:22–23.
*b* 1 Ne. 22:8–9; D at T 3:19–20.
10*a* 2 Ne. 6:12.
11*a* GBK Malaya, Kalayaan.
*b* Mos. 29:31–32.
13*a* 1 Ne. 22:14, 19.
*b* Is. 60:12.
14*a* Alma 5:50; D at T 38:21–22; 128:22–23; Moi. 7:53.
*b* GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo.
15*a* GBK Tipan.
*b* Hel. 3:23.
GBK Lihim na Pagsasabwatan, Mga.
*c* GBK Kadiliman, Espirituwal na.

malaban sa [a]Sion, kapwa Judio
at Gentil, kapwa alipin at mala-
ya, kapwa lalaki at babae, ay
masasawi; sapagkat [b]sila ang
mga yaong patutot ng buong
mundo; sapagkat [c]sila na [d]hindi
para sa akin ay [e]laban sa akin,
wika ng ating Diyos.
17 Sapagkat [a]tutuparin ko ang
aking mga pangako na aking
ginawa sa mga anak ng tao, na
gagawin ko sa kanila habang
sila ay nasa laman—
18 Samakatwid, mga minama-
hal kong kapatid, ganito ang
wika ng ating Diyos: Pahihira-
pan ko ang inyong mga binhi
sa pamamagitan ng kamay ng
mga Gentil; gayunman, pala-
lambutin ko ang mga puso ng
mga [a]Gentil, na sila ay matutu-
lad sa isang ama sa kanila; anu-
pa't ang mga Gentil ay [b]pagpa-
palain at [c]ibibilang sa samba-
hayan ni Israel.
19 Samakatwid, [a]ilalaan ko ang
lupaing ito sa inyong mga binhi,
at sa kanila na ibibilang sa in-
yong mga binhi, magpakailan-
man, bilang lupaing kanilang
mana; sapagkat ito ay isang pi-
ling lupain, wika ng Diyos sa
akin, higit sa iba pang mga lu-
pain, kaya nga nais kong su-
mamba sa akin ang lahat ng ta-
ong maninirahan dito, wika ng
Diyos.
20 At ngayon, mga minamahal
kong kapatid, nalalamang bi-
nigyan tayo ng ating maawaing
Diyos ng maraming kaalaman
hinggil sa mga bagay na ito, atin
siyang alalahanin, at isantabi
ang ating mga kasalanan, at
huwag iyuko ang ating mga ulo,
sapagkat hindi tayo itatakwil;
gayon pa man, [a]itinaboy tayo
palabas mula sa lupaing ating
mana; subalit tayo ay dinala sa
[b]higit na mainam na lupain, sa-
pagkat ginawa ng Panginoon na
ang dagat ay maging [c]daan na-
tin, at tayo ay nasa isang [d]pulo
ng dagat.
21 Subalit dakila ang mga pa-
ngako ng Panginoon sa kanila
na nasa mga [a]pulo ng dagat;
samakatwid, sapagkat sinabing
mga pulo, tiyak na marami pang
iba bukod dito, at ang mga ito
ay tinitirahan din ng ating mga
kapatid.
22 Sapagkat masdan, [a]inaakay
palayo ng Panginoong Diyos
ang sambahayan ni Israel sa
pana-panahon, alinsunod sa
kanyang kalooban at kasiyahan.
At ngayon masdan, naaalaala
ng Panginoon silang lahat na
nahiwalay, anupa't, naaalaala
rin niya tayo.
23 Samakatwid, magalak sa
inyong mga puso, at tandaan
ninyo na kayo ay [a]malayang

16*a* GBK Sion.
*b* 1 Ne. 13:4–5.
*c* 1 Ne. 14:10.
*d* 1 Ne. 22:13–23;
2 Ne. 28:15–32;
3 Ne. 16:8–15; Eter 2:9.
*e* Mat. 12:30.
17*a* D at T 1:38.
18*a* Lu. 13:28–30;
D at T 45:7–30.
*b* Ef. 3:6.
*c* Gal. 3:7, 29;
1 Ne. 14:1–2;
3 Ne. 16:13;
21:6, 22; 30:2;
Abr. 2:9–11.
19*a* 2 Ne. 3:2.
20*a* 1 Ne. 2:1–4.
*b* 1 Ne. 2:20.
GBK Lupang
Pangako.
*c* 1 Ne. 18:5–23.
*d* Is. 11:10–12.
21*a* 1 Ne. 19:15–16; 22:4.
22*a* 1 Ne. 22:4.
23*a* GBK Kalayaang
Mamili.

[b]makakikilos para sa inyong sarili—ang [c]piliin ang daan ng walang hanggang kamatayan o ang daan ng buhay na walang hanggan.

24 Samakatwid, mga minamahal kong kapatid, makipagkasundo kayo sa kalooban ng Diyos, at hindi sa kagustuhan ng diyablo at ng laman; at tandaan, matapos kayong makipagkasundo sa Diyos, na dahil lamang sa at sa pamamagitan ng [a]biyaya ng Diyos na kayo ay [b]maliligtas.

25 Samakatwid, nawa ay ibangon kayo ng Diyos mula sa kamatayan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli, at mula rin sa walang hanggang kamatayan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng [a]pagbabayad-sala, upang kayo ay matanggap sa walang hanggang kaharian ng Diyos, upang inyong papurihan siya sa pamamagitan ng dakilang biyaya. Amen.

## KABANATA 11

*Nakita ni Jacob ang kanyang Manunubos—Ang mga batas ni Moises ay sumasagisag kay Cristo at nagpapatunay na paparito siya. Mga 559–545 B.C.*

AT ngayon, marami pang bagay ang sinabi ni [a]Jacob sa aking mga tao sa panahong yaon; gayon pa man ang mga bagay lamang na ito ang aking [b]isinulat, sapagkat ang mga bagay na naisulat ko ay sapat na sa akin.

2 At ngayon ako, si Nephi, ay magsusulat pa ng mga salita ni [a]Isaias, sapagkat ang aking kaluluwa ay nalulugod sa kanyang mga salita. Sapagkat inihahalintulad ko ang kanyang mga salita sa aking mga tao, at ipadadala ko ang mga ito sa lahat ng aking mga anak, sapagkat katotohanang nakita niya ang aking [b]Manunubos, tulad ng pagkakita ko sa kanya.

3 At ang aking kapatid, si Jacob, ay [a]nakita rin siya tulad ng pagkakita ko sa kanya; anupa't ipadadala ko ang kanilang mga salita sa aking mga anak upang patunayan sa kanila na totoo ang mga salita ko. Samakatwid, sa pamamagitan ng mga salita ng [b]tatlo, sinabi ng Diyos, na pagtitibayin ko ang aking salita. Gayon pa man, ang Diyos ay magpapadala ng mga karagdagang saksi, at patutunayan niya ang lahat ng kanyang salita.

4 Masdan, ang aking kaluluwa ay nalulugod sa [a]pagpapatunay sa aking mga tao ng katotohanan ng [b]pagparito ni Cristo; sapagkat, sa layuning ito ibinigay ang mga [c]batas ni Moises;

23*b* 2 Ne. 2:16.
*c* Deut. 30:19.
24*a* GBK Biyaya.
*b* GBK Kaligtasan.
25*a* GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala.
**11** 1*a* 2 Ne. 6:1–10.
*b* 2 Ne. 31:1.
2*a* 3 Ne. 23:1.
*b* GBK Manunubos.
3*a* 2 Ne. 2:3; Jac. 7:5.
*b* 2 Ne. 27:12; Eter 5:2–4; D at T 5:11.
4*a* 2 Ne. 31:2.
*b* Jac. 4:5; Jar. 1:11; Alma 25:15–16; Eter 12:19.
*c* 2 Ne. 5:10.

at lahat ng bagay na ibinigay ng Diyos mula pa sa simula ng daigdig, sa tao, ay pagsasagisag sa kanya.

5 At ang aking kaluluwa ay nalulugod din sa mga [a]tipan ng Panginoon na kanyang ginawa sa ating mga ama; oo, ang aking kaluluwa ay nalulugod sa kanyang biyaya, at sa kanyang katarungan, at kapangyarihan, at awa sa dakila at walang hanggang plano ng kaligtasan mula sa kamatayan.

6 At ang aking kaluluwa ay nalulugod sa pagpapatunay sa aking mga tao na [a]maliban kung paparito si Cristo ay tiyak na masasawi ang lahat ng tao.

7 Sapagkat kung [a]walang Cristo ay walang Diyos; at kung walang Diyos ay wala tayo, sapagkat hindi maaaring magkaroon ng [b]paglikha. Subalit may Diyos, at siya si Cristo, at paparito siya sa kaganapan ng kanyang sariling kapanahunan.

8 At ngayon susulat ako ng ilan sa mga salita ni Isaias, upang kung sino man sa aking mga tao ang makababasa ng mga salitang ito ay magkaroon ng sigla sa kanilang mga puso at magsaya para sa lahat ng tao. Ngayon, ito ang mga salita, at maaari ninyong ihalintulad ang mga ito sa inyo at sa lahat ng tao.

## KABANATA 12

*Nakita ni Isaias ang templo ng huling araw, pagtitipon ng Israel, at paghuhukom at kapayapaang pangmilenyo—Ang mga palalo at masama ay ibababa sa Ikalawang Pagparito—Ihambing sa Isaias 2. Mga 559–545 B.C.*

ANG salitang [a]napag-alaman ni [b]Isaias, ang anak ni Amos, hinggil sa Juda at Jerusalem:

2 At ito ay mangyayari sa mga huling araw, na ang [a]bundok na kinatitirikan ng [b]bahay ng Panginoon ay matatatag sa taluktok ng mga [c]bundok, at magiging mataas sa mga burol, at magsisiparoon ang lahat ng bansa.

3 At maraming tao ang magsisiyaon at magsasabi, Halina kayo, at tayo ay umahon sa bundok ng Panginoon, sa tahanan ng Diyos ni Jacob; at tuturuan niya tayo ng kanyang mga daan, at tayo ay [a]magsisilakad sa kanyang mga landas; sapagkat mula sa Sion ay manggagaling ang [b]batas, at ang salita ng Panginoon mula sa Jerusalem.

---

5*a* GBK Tipang Abraham.
6*a* Mos. 3:15.
7*a* 2 Ne. 2:13.
*b* GBK Likha, Paglikha.
**12** 1*a* HEB *khazah,* ang kahulugan ay “nakakita.” Ibig sabihin nito natanggap ni Isaias ang kanyang pahatid sa pamamagitan ng isang pangitain mula sa Panginoon.
*b* Sinipi ni Nephi ang mga kabanata 2–14 ng Isaias mula sa mga laminang tanso sa 2 Nephi 12–14; may ilang pagkakaiba sa pananalita na dapat bigyang-pansin.
2*a* Joel 3:17. GBK Sion.
*b* GBK Templo, Bahay ng Panginoon.
*c* D at T 49:25.
3*a* GBK Lumakad, Lumakad na Kasama ng Diyos.
*b* HEB turo, o doktrina. GBK Ebanghelyo.

4 At siya ang [a]huhukom sa
mga bansa, at pagsasabihan ang
maraming tao: at kanilang ga-
gawing sudsod ang kanilang
mga espada, at ang kanilang mga
sibat ay magiging mga karit—
ang bansa ay hindi magtataas ng
espada laban sa bansa, ni hindi
na sila magsasanay sa digmaan.
5 O sambahayan ni Jacob, ha-
lina kayo at tayo ay magsilakad
sa liwanag ng Panginoon; oo,
halina, sapagkat lahat kayo ay
[a]nangaligaw, bawat isa sa kani-
kanyang masasamang gawain.
6 Samakatwid, O Panginoon,
binayaan ninyo ang inyong mga
tao, ang sambahayan ni Jacob,
dahil sa sila [a]ay napuspos ng
mga manggagaway na mula
sa silangan, at nakinig sa mga
manghuhula gaya ng mga [b]Filis-
teo, at kanilang [c]binibigyang-
lugod ang kanilang sarili sa mga
anak ng mga dayuhan.
7 Ang kanilang lupain ay puno
rin ng pilak at ginto, ni walang
katapusan ang kanilang mga
kayamanan; at ang kanilang lu-
pain ay puno rin ng mga kaba-
yo, ni walang katapusan ang
bilang ng kanilang mga karo.
8 At ang kanilang lupain ay
puno rin ng mga [a]diyus-diyu-
san; sinasamba nila ang gawa ng
kanilang sariling mga kamay,
na gawa ng kanilang sariling
mga daliri.
9 At ang taong hamak ay [a]hindi
yumuyuko, at ang mataas na
tao ay hindi nagpapakumbaba,
samakatwid, huwag siyang pa-
tawarin.
10 O kayong masasama, puma-
sok kayo sa malaking bato, at
[a]magkubli kayo sa alabok, sa-
pagkat ang takot sa Panginoon
at sa kaluwalhatian ng kanyang
kamahalan ang babagabag sa
inyo.
11 At ito ay mangyayari na ang
mga mapagmataas na noo ng
mga tao ay payuyukuin, at ang
mga mapagmataas ng tao ay
ibababa, at ang Panginoon la-
mang ang dadakilain sa araw
na yaon.
12 Sapagkat ang [a]araw ng Pa-
nginoon ng mga Hukbo ay ma-
lapit nang sumapit sa lahat ng
bansa, oo, sa lahat; oo, sa [b]pa-
lalo at matatayog, at sa lahat
ng mapagmataas, at sila ay iba-
baba.
13 Oo, at sasapit ang araw ng
Panginoon sa lahat ng sedro ng
Libano, sapagkat sila ay mata-
tayog at matataas; at sa lahat ng
encina ng Besan;
14 At sa lahat ng mataas na
bundok, at sa lahat ng burol, at
sa lahat ng bansang matayog,
at sa lahat ng tao;
15 At sa lahat ng mataas na
tore, at sa lahat ng nababaku-
rang muog;

4*a* 2 Ne. 21:2–9.
5*a* 2 Ne. 28:14; Mos. 14:6; Alma 5:37.
6*a* ie ay napuno, napunan ng mga aral, mga ibang paniniwala. Awit 106:35.
*b* gbk Filisteo, Mga.
*c* heb iunat ang mga kamay sa, o makipagtipan.
8*a* gbk Pagsamba sa Diyus-diyusan.
9*a* ie sa Diyos; sa halip sumamba siya sa mga diyus-diyusan.
10*a* Alma 12:14.
12*a* gbk Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
*b* Mal. 4:1; 2 Ne. 23:11; D at T 64:24.

16 At sa lahat ng sasakyang-
dagat ng [a]dagat, at sa lahat ng
sasakyang-dagat ng Tarsis, at
sa lahat ng mainam na bagay.
17 At ang katayugan ng tao ay
iyuyukod, at ang mapagmata-
as ng tao ay ibababa; at ang Pa-
nginoon lamang ang dadakila-
in sa araw na [a]yaon.
18 At ang mga diyus-diyusan
ay papawiin niya nang tuluyan.
19 At magtutungo sila sa mga
bitak ng malalaking bato, at sa
loob ng mga guwang ng lupa,
sapagkat ang takot sa Pangino-
on ay mananaig sa kanila at ba-
bagabagin sila ng kaluwalhati-
an ng kanyang kamahalan, ka-
pag pumarito siya upang labis
na payanigin ang mundo.
20 Sa araw na yaon ay [a]itata-
pon ng tao ang kanyang mga
diyus-diyusang pilak, at ang
kanyang mga gintong diyus-
diyusan, na ginawa niya para
sa sarili upang kanyang sam-
bahin, sa mga bilig at sa mga
paniki;
21 Upang magtungo sa mga
bitak ng malalaking bato, at sa
mga tuktok ng magagaspang
na bato, sapagkat ang takot sa
Panginoon ay mananaig sa ka-
nila at babagabagin sila ng ka-
mahalan ng kanyang kaluwal-
hatian, kapag pumarito siya
upang labis na payanigin ang
mundo.
22 Layuan ninyo ang [a]tao, na
ang hininga ay nasa kanyang
mga butas ng ilong; sapagkat
sa ano siya pahahalagahan?

## KABANATA 13

*Ang Juda at Jerusalem ay parurusahan dahil sa kanilang pagsuway —Makikiusap ang Panginoon at hahatulan ang kanyang mga tao— Ang mga anak na babae ng Sion ay isusumpa at parurusahan dahil sa kanilang kamunduhan—Ihambing sa Isaias 3. Mga 559–545 B.C.*

SAPAGKAT masdan, ang Pa-
nginoon, ang Panginoon ng mga
Hukbo, ay aalisin sa Jerusalem,
at sa Juda, ang lahat ng uri ng
kabuhayan, ang lahat ng tu-
long sa tinapay, at ang buong
pamamalagi ng tubig—
2 Ang makapangyarihang la-
laki, at ang lalaking mandirig-
ma, ang hukom, at ang propeta,
at ang manghuhula, at ang ma-
tanda;
3 Ang kapitan ng limampu, at
ang marangal na tao, at ang ta-
gapayo, at ang bihasang sala-
mangkero, at ang dalubhasang
mananalumpati.
4 At mga bata ang ibibigay ko
sa kanila na maging kanilang
mga prinsipe, at pamumunuan
sila ng mga sanggol.
5 At magiging api ang mga tao,

16*a* May isang parirala ang salaysay ng Griyego (Septuagint) na wala sa Hebreo, at ang Hebreo ay may isang parirala na wala sa Griyego; subalit ang 2 Ne. 12:16 ay kapwa mayroon nito. Awit 48:7; Ez. 27:25.
17*a* IE ang araw ng pagparito ng Panginoon sa kaluwalhatian.
20*a* HEB itatapon.
22*a* IE Itigil ang pag-asa sa taong mortal; may kakaunti siyang kakayahan kung ihahalintulad sa Diyos. Moi. 1:10.

bawat isa dahil sa iba, at bawat
isa dahil sa kanyang kapwa; ang
bata ay magpapalalo laban sa
matanda, at ang hamak laban
sa marangal.
6 Kapag ang lalaki ay hahawak
sa kanyang kapatid sa bahay
ng kanyang ama, at sasabihin:
Ikaw ay may balabal, ikaw na
ang aming maging pinuno, at
huwag mong pangasiwaan sa
iyong kamay ang [a]pagkasirang
ito—
7 Manunumpa siya sa araw na
iyon, magsasabing: Hindi ako
magiging [a]manggagamot; sa-
pagkat sa aking bahay ay wala
kahit tinapay, ni balabal; hu-
wag ninyo akong gawing pinu-
no ng mamamayan.
8 Sapagkat ang Jerusalem ay
[a]nawasak, at ang Juda ay [b]bu-
magsak, dahil ang kanilang mga
dila at ang kanilang mga gawa
ay laban sa Panginoon, upang
galitin ang mga mata ng kan-
yang kaluwalhatian.
9 Ang kaanyuan ng kanilang
pagmumukha ay sumasaksi la-
ban sa kanila, at tanyag ang ka-
nilang mga kasalanan tulad ng
[a]Sodoma, at hindi nila ito maita-
tago. Sa aba sa kanilang mga ka-
luluwa, sapagkat ginantimpala-
an nila ang sarili ng kasamaan!
10 Sabihin ninyo sa mabubuti,
na ito ay [a]makabubuti sa kanila;
sapagkat kakanin nila ang bu-
nga ng kanilang mga gawa.
11 Sa aba sa masasama, sapag-
kat masasawi sila; sapagkat ta-
tanggapin nila ang gantimpala
ng mga gawa ng kanilang mga
kamay.
12 At sa aking mga tao, mga
bata ang maniniil sa kanila, at
mga babae ang mamumuno sa
kanila. O aking mga tao, ang
mga [a]umaakay sa iyo ang si-
yang nagliligaw sa iyo at sumi-
sira sa iyong daraanan.
13 Ang Panginoon ay tatayong
[a]magtanggol, at tatayo upang
hatulan ang mga tao.
14 Huhukom ang Panginoon
na kasama ang matatanda ng
kanyang mga tao at ang mga
[a]prinsipe niyon; sapagkat [b]wi-
nasak ninyo ang [c]ubasan, at [d]ni-
nakawan ninyo ang [e]maralitang
nasa inyong mga tahanan.
15 Ano ang ibig ninyong sabi-
hin? Hinagupit ninyo ang aking
mga tao nang pira-piraso, at di-
nurog ang mukha ng mga mara-
lita, wika ng Panginoong Diyos
ng mga Hukbo.
16 Bukod dito, wika ng Pa-
nginoon: Dahil sa mapagmata-
as ang mga anak na babae ng
Sion, at nagsisilakad na tuwid
ang mga leeg at nang-aakit ang
mga mata, nagsisilakad at [a]pa-
kendeng-kendeng habang yu-

**13** 6*a* Is. 3:6.
7*a* HEB isang pagbebenda (ng isang sugat); hal., hindi ko malutas ang mga suliranin mo.
8*a* Jer. 9:11.
*b* Panag. 1:3.
9*a* Gen. 19:1, 4–7, 24–25. GBK Homoseksualidad.
10*a* Deut. 12:28.
12*a* Is. 9:16.
13*a* HEB makipaglaban. Mi. 6:2; D at T 45:3–5.
14*a* HEB puno, o mga pinuno.
*b* HEB maubos, o matupok.
*c* Is. 5:7.
*d* IE lumustay.
*e* 2 Ne. 28:12–13.
16*a* IE lumalakad nang maliliit, mabibilis na hakbang sa kilos na mapagkunwari.

mayaon upang patunugin ang
mga palamuting nasa kanilang
mga paa—
17 Samakatwid tatakpan ng
Panginoon ng langib ang bao
ng ulo ng mga anak na babae ng
Sion, at [a]tutuklasin ng Pangino-
on ang kanilang mga lihim na
bahagi.
18 Sa araw na yaon ay aalisin
ng Panginoon ang gayak ng ka-
nilang mga hiyas sa paa, at ang
mga [a]kuwintas, at ang mga hiyas
na anyong [b]kalahating buwan;
19 Ang mga hikaw at ang mga
pulseras, at ang mga [a]belo;
20 Ang mga laso sa buhok, at
ang mga hiyas sa bukung-bu-
kong; at ang mga pamigkis, at
sisidlan ng pabango, at ang mga
hikaw;
21 Ang mga singsing, at hiyas
na nakasabit sa ilong;
22 Ang mga [a]pabagu-bagong
kasuotan, ang mga balabal, at
ang mga kapa, at ang mga supot;
23 Ang mga [a]salamin, at mai-
inam na lino, at ang mga turban,
at ang maluluwang na tunika.
24 At ito ay mangyayari, sa
halip na masamyong halimu-
yak ay masamang amoy; at sa
halip na pamigkis sa baywang
ay [a]lubid, at sa halip na maayos
na buhok ay pagkapanot; at sa
halip na mainam na [b]bata ay ba-
tang magaspang; [c]hero sa halip
na kagandahan.
25 Ang iyong kalalakihan ay
mangabubuwal sa pamamagi-
tan ng espada at ang iyong ma-
tatapang naman ay sa digmaan.
26 At ang kanyang mga pintu-
an ay mananaghoy at magdada-
lamhati; at wasak siyang uupo
sa lupa.

## KABANATA 14

*Ang Sion at ang kanyang mga anak na babae ay tutubusin at lilinisin sa araw ng milenyo—Ihambing sa Isaias 4. Mga 559–545* B.C.

At sa araw na yaon, hahawakan
ng pitong babae ang isang lala-
ki, nagsasabing: Kakainin na-
min ang sarili naming pagkain,
at isusuot ang sarili naming da-
mit; tawagin lamang kami sa
iyong pangalan upang maalis
ang aming [a]kadustahan.
2 Sa araw na yaon ang [a]sanga
ng Panginoon ay magiging ma-
ganda at maluwalhati; at ang
bunga ng lupa ay magaling at
mainam sa mga yaong nakata-
kas ng Israel.
3 At ito ay mangyayari, na
sila na matitira sa Sion at ang

17*a* HEB ibubunyag; kawikaan na ang ibig sabihin ay "ilalagay sila sa kahihiyan."
18*a* Malamang ay mga panali sa buhok. Hindi palagiang sumasang-ayon ang mga may karapatan sa katangian ng mga palamuti ng kababaihan na nakatala sa talata 18–23.
*b* IE mga palamuting hugis na katulad ng isang buwang ga-suklay.
19*a* HEB mga belo.
22*a* HEB magagarang kasuotan.
23*a* O maninipis na kasuotan.
24*a* HEB mga basahan.
*b* O isang bata.
*c* O pagpapangalan (isang tatak ng pagkaalipin).
**14** 1*a* IE ang batik ng pagiging walang asawa at anak.
2*a* Is. 60:21; 2 Ne. 3:5; Jac. 2:25.

maiiwan sa Jerusalem ay tata-
waging banal, ang lahat ng
matatala sa mga nabubuhay sa
Jerusalem—
4 [a]Kapag [b]nahugasan na ng
Panginoon ang karumihan ng
mga anak na babae ng Sion, at
nalinisan na ang Jerusalem sa
dumanak na dugo sa pamama-
gitan ng diwa ng katarungan
at sa pamamagitan ng diwa ng
[c]pagkasunog.
5 At ang Panginoon ay gagawa
sa lahat ng pook sa bundok ng
Sion, at sa lahat ng kanyang
pagtitipon, ng isang [a]ulap at
usok kung araw at ng liwanag
ng isang nagniningas na apoy
kung gabi; sapagkat sa lahat ng
kaluwalhatian ng Sion ay ma-
giging kanlungan.
6 At magkakaroon ng isang ku-
landong na panganlong sa init
ng araw, at [a]takbuhan at kubli-
han sa bagyo at ulan.

## KABANATA 15

*Ang ubasan ng Panginoon (Israel) ay magiging mapanglaw, at ikakalat ang kanyang mga tao—Isusumpa sila sa kanilang lubusang pagtalikod sa katotohanan at katayuang pagkakakalat—Ang Panginoon ay magtataas ng sagisag at titipunin ang Israel—Ihambing sa Isaias 5. Mga 559–545 B.C.*

At doon ako aawit sa aking pi-
nakamamahal ng isang [a]awitin
ng aking mahal, na tungkol sa
kanyang ubasan. Ang aking pi-
nakamamahal ay may ubasan
sa isang mayabong na burol.
2 At kanyang binakuran ito, at
inalisan ng mga bato, at tinani-
man ito ng pinakapiling [a]puno
ng ubas, at nagtayo ng isang
tore sa gitna niyon, at naglagay
rin ng isang pisaan ng ubas; at
siya ay umasang magbubunga
iyon ng mga ubas, at nagbunga
ito ng mga ubas na ligaw.
3 At ngayon, O mga naninira-
han sa Jerusalem, at mga tao ng
Juda, hatulan, isinasamo ko sa
inyo, ako at ang aking ubasan.
4 Ano pa ba ang sukat kong
gawin sa aking ubasan na hindi
ko pa nagagawa? Samakatwid,
ano't ang aking hinihintay na
magbunga ng ubas ay nagbu-
nga ng ubas na ligaw.
5 At ngayon, halina, aking sa-
sabihin sa inyo ang gagawin ko
sa aking ubasan—aking [a]aalisin
ang bakod na siit niyon, at nang
ang mga ito ay masalanta; at
aking sisirain ang bakod niyon,
at nang ang mga ito ay pagta-
pakan.
6 At akin itong iiwanang si-
rang-sira; hindi ito pupungu-
san ni bubungkalin man; suba-
lit magsisitubo ang mga [a]dawag
at mga tinik; akin ding uutusan

4*a* IE Kapag nalinis na ng Panginoon ang mundo.
*b* GBK Hugas, Nahugasan, Mga Paghuhugas.
*c* Mal. 3:2–3; 4:1.
5*a* Ex. 13:21.
6*a* Is. 25:4; D at T 115:6.
**15** 1*a* IE Kumakatha ang propeta ng isang awit o matulaing talinghaga ng isang ubasan, na nagpapakita ng awa ng Diyos at kawalan ng pagtugon ng Israel.
2*a* Jer. 2:21.
5*a* Awit 80:12.
6*a* Is. 7:23; 32:13.

ang mga ulap na huwag nilang
[b]ulanan ito ng ulan.
7 Sapagkat ang sambahayan ni
Israel ang [a]ubasan ng Pangino-
on ng mga Hukbo, at ang mga
tao ng Juda ang kanyang mai-
nam na pananim; at siya ay
naghangad ng [b]katarungan, at
masdan, narito ang kapighatian;
ng katwiran, subalit masdan,
narito ang daing.
8 Sa aba nila na nangahuhug-
pong ng [a]bahay sa bahay, hang-
gang sa wala nang lugar, upang
sila ay magsipanirahang [b]mag-
isa sa gitna ng lupain!
9 Sa aking mga tainga, wika ng
Panginoon ng mga Hukbo, sa
katotohanan ay maraming ba-
hay ang magigiba, at malalaki
at magagandang lunsod ay ma-
wawalan ng tao.
10 Oo, sampung akreng uba-
san ay mamumunga ng isang
[a]bat, at ang isang homer na bin-
hi ay magbubunga ng isang
efa.
11 Sa aba nila na nagsisibangon
nang maaga sa umaga, upang
[a]ipagpatuloy ang paglalango,
at umiinom hanggang gabi, at
sila ay pinaiinit ng [b]alak!
12 At ang kudyapi, at ang lira,
ang pandereta, at plawta, at alak
ay nasa kanilang mga piging;
subalit hindi nila [a]inaalintana
ang gawain ng Panginoon, ni
hindi rin nila pinapansin ang
gawa ng kanyang mga kamay.
13 Kaya nga, ang aking mga
tao ay napasok sa pagkabihag,
dahil sa hindi nila [a]namamala-
yan; at ang kanilang marara-
ngal na tao ay nagugutom, at
ang maraming taong bayan ay
matutuyo sa pagkauhaw.
14 Samakatwid, pinalalaki ng
impiyerno sa kailaliman ang
kanyang sarili, at ibinubuka
ang kanyang bunganga nang
pagkalaki-laki; at ang kanilang
kaluwalhatian, at kanilang ma-
raming tao, at kanilang kaham-
bugan, at siya na nagsasaya ay
bababa roon.
15 At mangangayupapa ang
hamak na tao, at ang maka-
pangyarihang tao ay magpapa-
kumbaba, at ang mga mata ng
matatayog ay magpapakum-
baba.
16 Subalit ang Panginoon ng
mga Hukbo ay dadakilain sa
[a]paghuhukom, at ang Diyos
na banal ay pakikitang banal sa
katwiran.
17 At doon ay manginginain
ang mga kordero na wari ay
nasa sa sariling pastulan, at ang
mga sirang dako ng matataba
ay kakainin ng mga dayuhan.
18 Sa aba nila na kumakalad-
kad ng kasamaan sa pamama-
gitan ng mga panali ng [a]kapa-

6*b* Jer. 3:3.
7*a* GBK Ubasan ng Panginoon.
*b* o katarungan.
8*a* Mi. 2:1–2.
*b* IE maiiwang naninirahang mag-isa. Kinakamkam ng mayayamang may-ari ng lupain ang maliliit na bukid ng mga maralita.
10*a* Ez. 45:10–11.
11*a* Kaw. 23:30–32.
*b* GBK Salita ng Karunungan.
12*a* Awit 28:5.
13*a* Os. 4:6. GBK Kaalaman.
16*a* GBK Jesucristo—Hukom.
18*a* GBK Kawalang-kabuluhan, Walang Kabuluhan.

laluan, at ng kasalanan [b]tulad ng
panali ng kariton.
19 Na nagsasabi: [a]Magmadali
siya, madaliin ang kanyang gawain, upang [b]makita natin ito; at
lumapit at dumating nawa ang
payo ng Banal ng Israel upang
malaman natin ito.
20 Sa aba nila na [a]tumatawag
sa masama na mabuti, at sa mabuti na masama, na inaaring
liwanag ang [b]kadiliman, at kadiliman ang liwanag, na inaaring mapait ang matamis, at
matamis ang mapait!
21 Sa aba sa yaong nag-aakalang sila ay [a]marurunong at mababait sa kanilang sariling pananaw!
22 Sa aba sa yaong malalakas
uminom ng alak, at malalakas
sa paghahalo ng matatapang na
inumin;
23 Na pinawawalang-sala ang
masama nang dahil sa suhol, at
[a]nagkakait ng katwiran sa kanya na makatarungan.
24 Samakatwid, kung paano
tinutupok sa liyab ng [a]apoy
ang [b]pinaggapasan, at kung paano natutupok ang [c]ipa ng ningas, ang kanilang mga ugat
ay magiging kabulukan, at ang
kanilang mga bulaklak ay aahon
na tulad ng alabok; dahil sa kanilang itinakwil ang batas ng
Panginoon ng mga Hukbo at
[d]hinamak ang salita ng Banal
ng Israel.
25 Samakatwid, matindi ang
[a]galit ng Panginoon laban sa
kanyang mga tao, at iniunat
niya ang kanyang kamay laban
sa kanila, at binagabag sila; at
nayanig ang mga burol, at ang
mga bangkay ay nagkalat sa
gitna ng mga lansangan. Sa kabila ng lahat ng ito ang kanyang galit ay hindi napapawi,
kundi nakaunat pa rin ang kanyang kamay.
26 At siya ay magtataas ng
isang [a]sagisag sa mga bansang
malalayo, at [b]sisipulan niya ito
buhat sa kadulu-duluhan ng
mundo; at masdan, [c]darating
sila na lubhang nagmamadali;
walang mapapagod, ni matitisod man sa kanila.
27 Walang iidlip ni matutulog
man; ni hindi rin mag-aalis ng
pamigkis sa kanilang baywang,
ni mapapatid ang tali ng kanilang mga pangyapak;
28 Ang kanilang mga palaso
ay matatalim, at lahat ng kanilang busog ay nakaakma, at ang
mga kuko ng kanilang mga ka-

18*b* IE Nakatali sila sa kanilang mga kasalanan katulad ng mga hayop sa kanilang mga pasan.
19*a* Jer. 17:15.
*b* IE Hindi sila naniniwala sa Mesiyas hanggang siya ay makita nila.
20*a* Moro. 7:14, 18; D at T 64:16; 121:16.
*b* 1 Juan 1:6.
21*a* Kaw. 3:5–7; 2 Ne. 28:15.
23*a* IE pagkaitan siya ng kanyang mga legal na karapatan.
24*a* Obad. 1:18; Mal. 4:1–2; 2 Ne. 20:17.
*b* Joel 2:5; 1 Ne. 22:15, 23; 2 Ne. 26:4, 6; D at T 64:23–24; 133:64.
*c* Lu. 3:17; Mos. 7:29–31.
*d* 2 Sam. 12:7–9.
25*a* D at T 63:32; Moi. 6:27.
26*a* GBK Sagisag.
*b* o sipol; hal., hudyat para sa pagtitipun-tipon. Is. 7:18; 2 Ne. 29:2.
*c* GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.

bayo ay tulad ng batong kiski-
san, at ang mga gulong ng ka-
nilang mga sasakyan ay gaya
ng buhawi, ang kanilang ungol
ay gaya ng sa leon.
29 Sila ay magsisiungol tulad
ng mga batang [a]leon; oo, uungol
sila, at sasakmalin ang huli, at
tatangayin, at walang makaa-
agaw nito.
30 At sa araw na yaon ay
uungol sila laban sa kanila tu-
lad ng hugong ng dagat; at
kung titingnan nila ang lupain,
masdan, kadiliman at kalung-
kutan, at magdidilim ang liwa-
nag sa kalangitan niyon.

## KABANATA 16

*Nakita ni Isaias ang Panginoon—Ang mga kasalanan ni Isaias ay pinatawad—Tinawag siya na magpropesiya—Iprinopesiya niya ang gagawing pagtanggi ng mga Judio sa mga aral ni Cristo—Magbabalik ang labi—Ihambing sa Isaias 6. Mga 559–545* B.C.

Noong [a]taong mamatay ang
haring Uzzias, nakita ko rin ang
Panginoon na nakaupo sa isang
trono, matayog at mataas, at ang
[b]laylayan ng kanyang damit ay
pumuno sa templo.
2 Sa itaas nito ay nangakata-
yo ang mga [a]serapin; ang ba-
wat isa ay may anim na pak-
pak; dalawa upang takpan niya
ang kanyang mukha, at dalawa
upang takpan niya ang kan-
yang mga paa, at dalawa upang
ipanlipad niya.
3 At nagsisigawan sa isa't isa,
at nagsasabi: Banal, banal, banal
ang Panginoon ng mga Hukbo;
ang buong mundo ay puspos
ng kanyang kaluwalhatian.
4 At ang mga [a]patibayin ng
pintuan ay nayanig sa tinig ng
yaong sumisigaw, at napuno
ng usok ang bahay.
5 Pagkatapos sinabi ko: Sa aba
ko! Sapagkat ako ay [a]napaha-
mak; dahil sa ako ay isang ta-
ong marurumi ang labi; at ako
ay naninirahan sa piling ng mga
taong marurumi rin ang mga
labi; sapagkat nakita ng aking
mga mata ang Hari, ang Pa-
nginoon ng mga Hukbo.
6 Pagkatapos lumipad ang isa
sa mga serapin sa akin, na may
taglay na nagbabagang [a]uling sa
kanyang kamay na kanyang ki-
nuha sa dambana sa pamama-
gitan ng pang-ipit;
7 At inilagay niya ito sa aking
bibig, at sinabi: Narito, hinipo
nito ang iyong mga labi; at naa-
lis ang iyong [a]kasamaan, at na-
linis ang iyong mga kasalanan.
8 Narinig ko rin ang tinig ng
Panginoon, sinasabing: Sino ang
aking isusugo, at sino ang su-
sugo para sa atin? Pagkatapos
sinabi ko: Narito ako; isugo
ninyo ako.

29*a* 3 Ne. 21:12–13.
**16** 1*a* IE mga 750 B.C.
*b* IE ang laylayan ng kanyang kasuotan, o ang palda nito.
2*a* GBK Kerubin, Mga.
4*a* HEB ang mga saligan ng pintuan ay bumagsak.
5*a* HEB ihihiwalay; hal., siya ay nadaig ng kanyang kamalayan sa sarili niyang kasalanan at ng kanyang mga tao.
6*a* IE isang sagisag ng paglilinis.
7*a* GBK Kapatawaran ng mga Kasalanan.

9 At sinabi niya: Humayo at
sabihin sa mga taong ito—Inyo
ngang naririnig, subalit hindi
ninyo nauunawaan; at inyo
ngang nakikita, subalit hindi
ninyo namamalas.
10 Patigasin mo ang mga puso
ng mga taong ito, at takpan mo
ang kanilang mga tainga, at ipi-
nid ang kanilang mga mata—na
baka makita ng kanilang mga
mata, at [a]marinig ng kanilang
mga tainga, at makaunawa sa
kanilang mga puso, at magba-
lik-loob at magsigaling.
11 Pagkatapos sinabi ko: Pa-
nginoon, gaano katagal? At si-
nabi niya: Hanggang sa mawa-
sak ang mga lunsod at mawalan
ng mga naninirahan, at ang mga
bahay ay mawalan ng tao, at
ang lupain ay lubusang ma-
ngawasak;
12 At [a]inilayo ng Panginoon
ang mga tao, sapagkat magka-
karoon ng labis na kapabayaan
sa gitna ng lupain.
13 Subalit magkakaroon pa
rin ng ikasampung bahagi, at
magsisibalik sila, at sila ay la-
lamunin, tulad ng isang tere-
binto, at tulad ng isang encina
na ang puno ay naiiwan kapag
nalalagas ang kanilang mga
dahon; kung kaya't ang mga
banal na binhi ay siyang [a]puno
niyon.

## KABANATA 17

*Ang Ephraim at Siria ay nakidigma laban sa Juda—Isisilang si Cristo ng isang birhen—Ihambing sa Isaias 7. Mga 559–545 B.C.*

AT ito ay nangyari na, na sa
mga araw ni Achas na anak ni
Jotam, anak ni Uzzias na hari
sa Juda, na si Resin na hari sa
Siria, at si Peka anak ni Remali-
as, hari sa Israel, ay umahon
upang lusubin ang Jerusalem,
subalit hindi nanaig laban dito.
2 At nabalita sa sambahayan
ni David, sinasabing: Ang Siria
ay nakipagsabwatan sa [a]Ephra-
im. At ang puso niya ay nangi-
nig, at ang puso ng kanyang
mga tao, na tulad ng mga pu-
nungkahoy sa kakahuyan na pi-
nakikilos ng malakas na hangin.
3 Pagkatapos sinabi ng Pa-
nginoon kay Isaias: Humayo
ngayon upang salubungin si
Achas, ikaw at si [a]Sear-jasub na
iyong anak, sa dulo ng padalu-
yan ng tipunan ng tubig sa itaas
sa lansangan ng parang ng taga-
laba;
4 At sabihin sa kanya: Ikaw ay
makinig, at tumahimik; [a]huwag
matakot, ni manlupaypay man
ang iyong puso sa harapan ng
dalawang sulong ito na umuu-
sok, sa masidhing galit ni Resin
at Siria, at sa anak ni Remalias.

10*a* Mat. 13:14–15.
12*a* 2 Hari 17:18, 20.
13*a* IE Katulad ng puno, kahit na ikakalat ang mga dahon nito, ang buhay at kakayahang magbunga ng binhi ay nananatili pa rin dito.
**17** 2*a* IE Ang buong kahilagaang Israel ay tinawag sa pangalan ni Ephraim, ang nangungunang kahilagaang lipi.
3*a* HEB babalik ang mga labi.
4*a* IE Huwag matakot sa mga pagsalakay; mayroon na lamang mumunting apoy ang natitira sa dalawang haring yaon.

5 Dahil ang Siria, Ephraim, at
ang anak ni Remalias, ang nag-
balak ng masama laban sa iyo,
nagsasabing:
6 Umahon tayo laban sa Juda
at ligaligin ito, at ating [a]pasu-
kin sila, at maglalagay ng hari
sa gitna niyon, oo, ang anak
ni Tabel.
7 Ganito ang wika ng Pangino-
ong Diyos: Hindi ito magkaka-
gayon, ni hindi ito mangyayari.
8 Sapagkat ang ulong lunsod
ng Siria ay Damasco, at ang pa-
ngulo ng Damasco ay si Resin;
at sa loob ng animnapu at li-
mang taon ay magkakawatak-
watak ang Ephraim, at hindi na
ito magiging bayan.
9 At ang ulong lunsod ng
Ephraim ay Samaria, at pangulo
ng Samaria ang anak na lalaki
ni Remalias. Kung [a]hindi kayo
maniniwala ay tiyak na hindi
kayo mananatili.
10 Bukod dito, muling nangu-
sap ang Panginoon kay Achas,
nagsasabing:
11 Humingi ka ng [a]palatanda-
an mula sa Panginoon mong
Diyos; humingi maging sa ka-
ilaliman, o sa kaitaasan.
12 Subalit sinabi ni Achas: Hin-
di ako hihingi, ni hindi ko [a]tu-
tuksuhin ang Panginoon.
13 At sinabi niya: Masdan nin-
yo ngayon, O sambahayan ni
David; diyata't maliit na bagay
sa inyo ang pagurin ang mga
tao, subalit inyo bang papagu-
rin din ang aking Diyos?
14 Samakatwid, ang Pangino-
on sa kanyang sarili ang mag-
bibigay sa inyo ng palatan-
daan—Masdan, maglilihi ang
isang [a]birhen, at magsisilang
ng isang anak na lalaki, at tata-
wagin ang kanyang pangalang
[b]Emmanuel.
15 Mantikilya at pulot ang kan-
yang kakainin, upang malaman
niyang tumanggi sa kasamaan
at piliin ang mabuti.
16 Sapagkat bago matutong
tumanggi ang [a]bata sa kasama-
an at piliin ang mabuti, ang lu-
paing iyong kinasusuklaman ay
pababayaan ng [b]kapwa niyang
mga hari.
17 [a]Pararatingin sa iyo ng Pa-
nginoon, at sa iyong mga tao,
at sa sambahayan ng iyong
ama, ang mga araw na kailan-
man ay hindi pa sumapit mag-
mula nang mapahiwalay ang
[b]Ephraim sa Juda, ang hari ng
Asiria.
18 At ito ay mangyayari na sa
araw na yaon ay [a]sisipol ang Pa-
nginoon sa langaw na nasa dulo
ng mga ilog ng Egipto, at sa bu-
buyog na nasa lupain ng Asiria.
19 At darating sila, at silang
lahat ay mangagpapahinga sa
mga gibang lambak, at sa mga
bitak ng malalaking bato, at sa
lahat ng tinikan, at sa lahat ng
sukal.

6*a* heb hatiin ang mga ito.
9*a* 2 Cron. 20:20.
11*a* gbk Palatandaan.
12*a* ie subukin, tangkain, o patunayan.
14*a* gbk Birhen.
*b* heb Nasa atin ang Diyos. gbk Immanuel.
16*a* 2 Ne. 18:4.
*b* 2 Hari 15:30; 16:9.
17*a* 2 Cron. 28:19–21.
*b* 1 Hari 12:16–19.
18*a* o sipol; hal., paghudyat, pagtawag. Is. 5:26.

20 Sa araw ding iyon ay [a]aahi-
tin ng Panginoon sa pamama-
gitan ng isang labahang upa-
han, sa pamamagitan nila na
nasa kabila ng ilog, sa pama-
magitan ng [b]hari ng Asiria, ang
ulo, at ang balahibo ng mga
paa; at aalisin nito ang balbas.
21 At ito ay mangyayari na sa
araw na yaon, ang isang tao ay
[a]mag-aalaga ng isang guya at
dalawang tupa;
22 At ito ay mangyayari, sa-
pagkat sa dami ng gatas na
kanilang ibibigay ay kakain
siya ng mantikilya; dahil sa
mantikilya at pulot ang kakai-
nin ng lahat ng matitira sa lu-
pain.
23 At ito ay mangyayari na sa
araw na yaon, ang bawat pook
na kinaroroonan ng isanlibong
puno ng ubas na nagkakaha-
laga ng isanlibong [a]siklong pi-
lak ay magiging dawagan at
tinikan.
24 Darating ang mga tao rito na
may mga palaso at busog, dahil
ang buong lupain ay magiging
dawagan at tinikan.
25 At ang lahat ng burol na
huhukayin sa pamamagitan ng
asarol, hindi mo paroroonan
dahil sa takot sa mga dawagan
at tinikan; kaya't ito ay magi-
ging pastulan ng mga baka, at
pagyayapakan ng mga [a]maba-
bang uri ng hayop.

## KABANATA 18

*Si Cristo ay magiging isang batong katitisuran at isang malaking batong pambuwal—Hanapin ang Panginoon, hindi ang mga manghuhula—Bumaling sa batas at sa patotoo para sa patnubay—Ihambing sa Isaias 8. Mga 559–545 B.C.*

1 BUKOD dito, ang salita ng Pa-
nginoon ay nagsabi sa akin:
Kumuha ka ng isang malaking
balumbon ng papel, at sulatan
ito sa pamamagitan ng panulat
ng tao, hinggil kay [a]Maher-sa-
lalias-baz.
2 At kumuha ako ng mga ta-
pat na [a]saksi upang magtala, si
Uria na saserdote, at si Zekari-
as na anak ni Jeberekias.
3 At nagtungo ako sa [a]propeti-
sa; at naglihi siya at nagsilang
ng isang anak na lalaki. Pagka-
tapos sinabi sa akin ng Pangino-
on: Tawagin siya sa pangalang
Maher-salalias-baz.
4 Sapagkat masdan, [a]hindi ma-
tututong magsalita ang [b]bata ng,
Ama ko, at ina ko, bago ang mga
kayamanan ng Damasco, at ang
mga [c]sinamsam ng Samaria ay
aagawin sa harapan ng hari ng
Asiria.
5 Muling nangusap sa akin ang
Panginoon, nagsasabing:
6 Yaman din lamang na tinang-
gihan ng mga taong ito ang tu-

20*a* IE Ang lupain ay mawawalan ng tao sa pamamagitan ng isang banyagang mananalakay.
*b* 2 Hari 16:5–9.
21*a* IE Ilan lamang na nangaligtas na nagsarili ang matitira.
23*a* o mga piraso ng pilak.
25*a* HEB tupa, o mga kambing.
**18** 1*a* IE nalalapit na ang pagkawasak.
2*a* GBK Saksi.
3*a* IE kanyang asawa.
4*a* Is. 8:4.
*b* 2 Ne. 17:16.
*c* 2 Hari 15:29.

big ng [a]Siloa na marahang umaagos, at nangagsasaya kay [b]Resin at sa anak ni Remalias;
7 Ngayon samakatwid, masdan, ang Panginoon ay magpapadala sa [a]kanila ng malakas at bumubugsong tubig ng ilog, maging ang hari ng Asiria at ang kanyang buong kaluwalhatian; na anupa't aapaw sa lahat ng kanyang pampang, at babaha sa lahat ng kanyang baybayin.
8 At [a]magdaraan sa Juda; babaha at tataas ang tubig hanggang sa leeg; at sasakupin ng kanyang mga pakpak ang buong kalawakan ng iyong lupain, O [b]Emmanuel.
9 Kayo ay [a]magsama-sama, O kayong mga tao, at kayo ay magkakawatak-watak; at makinig kayong lahat na nasa malalayong bansa; mangagbigkis kayo, at kayo ay magkakawatak-watak din; mangagbigkis kayo, at kayo ay magkakawatak-watak din.
10 Magsanggunian kayo, at mawawalang-saysay ito; magsalita kayo at walang mangyayari; [a]sapagkat nasa amin ang Diyos.
11 Sapagkat nangusap ang Panginoon ng ganito sa akin sa pamamagitan ng malakas na kamay, at inatasan ako na huwag akong susunod sa mga yapak ng mga taong ito, nagsasabing:
12 Huwag ninyong sabihin, Isang [a]kilusan, sa lahat ng sasabihin ng mga taong ito, Isang kilusan; huwag kayong matakot sa kanilang kinatatakutan, ni ang mangamba.
13 Pabanalin ang Panginoon ng mga Hukbo, at sa kanya kayo [a]matakot, at sa kanya kayo mangilabot.
14 At siya ay magiging [a]santuwaryo; ngunit [b]batong katitisuran, at isang malaking batong pangbuwal sa kapwa sambahayan ni Israel, bilang isang bitag at isang silo sa mga naninirahan sa Jerusalem.
15 At marami sa kanila ang [a]matitisod at mabubuwal, at masasaktan, at masisilo, at mahuhuli.
16 Ingatan mo ang patotoo, tatakan mo ang [a]batas sa aking mga disipulo.
17 At maghihintay ako sa Panginoon, na [a]ikinukubli ang kanyang mukha sa harapan ng sambahayan ni Jacob, at hahanapin ko siya.
18 Masdan, ako at ang aking mga anak na kaloob sa akin ng

6*a* Gen. 49:10; PJS, Gen. 50:24.
*b* Is. 7:1.
7*a* IE sa kahilagaang Israel muna.
8*a* IE Papasukin din ng Asiria ang Juda.
*b* GBK Emmanuel.
9*a* IE Bumuo ng mga pag-aanib-anib.
10*a* IE Ang Juda (lupain ni Emmanuel) ay patatawarin. Awit 46:7.
12*a* IE Hindi dapat umasa ang Juda sa mga lihim na sabwatan ng iba para sa kaligtasan.
13*a* IE Maging magalang at mapagkumbaba sa harapan ng Diyos.
14*a* Ez. 11:15–21.
*b* 1 Ped. 2:4–8; Jac. 4:14–15.
15*a* Mat. 21:42–44.
16*a* HEB mga turo, o doktrina. GBK Ebanghelyo.
17*a* Is. 54:8.

Panginoon ay mga [a]palatanda-
an at kababalaghan sa Israel
mula sa Panginoon ng mga
Hukbo, na naninirahan sa Bun-
dok ng Sion.
19 At kapag sasabihin nila sa
inyo: Sumangguni kayo sa mga
yaong [a]piton, at sa mga [b]mang-
huhulang nagsisihuni at nagsi-
sibulong—[c]hindi ba marapat na
ang Diyos ang sanggunian ng
tao, upang makarinig ang mga
buhay [d]mula sa mga patay?
20 Nasa inyo ang batas at pa-
totoo; at kung hindi [a]sila mag-
sasalita nang naaayon sa sali-
tang ito, ito ay dahil sa wala
ang liwanag sa kanila.
21 At [a]sila ay magsisidaan
doon na nanlulupaypay at na-
gugutom; at ito ay mangyayari
na kapag nagutom sila, sila na
rin ay magagalit, at isusumpa
ang kanilang hari at ang kani-
lang Diyos, at titingala.
22 At tutunghay sila sa lupa at
mamamasdan ang kaligaligan,
at kadiliman, kapanglawang ka-
hapis-hapis, at itataboy sila sa
kadiliman.

## KABANATA 19

*Si Isaias ay nangusap nang mala-mesiyas—Ang mga tao na nasa kadiliman ay makakikita ng dakilang liwanag—Sa atin ay isisilang ang isang bata—Siya ang magiging Prinsipe ng Kapayapaan at mamamahala sa trono ni David—Ihambing sa Isaias 9. Mga 559–545 B.C.*

Gayon pa man, ang karimlan
ay hindi magiging katulad ng
kanyang paghihinagpis, nang
sa una ay magaan niyang pina-
hirapan ang [a]lupain ng Zabulon,
at ang lupain ng Neptali, at pag-
karaan ay higit na masidhing
pahihirapan ang daan patungo
sa Dagat na Pula sa kabila ng
Jordan sa Galilea ng mga bansa.
2 Ang mga taong lumalakad
sa [a]kadiliman ay nakakita ng
dakilang liwanag; sila na nani-
nirahan sa lupain ng anino ng
kamatayan, sa kanila sumikat
ang isang liwanag.
3 Iyong pinarami ang bansa, at
[a]nagdulot ng kagalakan—naga-
galak sila sa iyong harapan alin-
sunod sa kagalakan ng pag-
aani, at gaya ng pagsasaya ng
mga tao habang hinahati ang
kanilang nasamsam.
4 Sapagkat sinira mo ang pa-
matok na kanyang pasan, at ang
pamalong tumatama sa kan-

18*a* IE Ang mga pangalan nina Isaias at ng kanyang mga anak alinsunod sa pagkasunud-sunod ay nangangahulugan ng: "Nagliligtas si Jehova"; "Kanyang pinagmadali ang hayop na sisilain"; at "Isang labi ay nanunumbalik." 2 Ne. 17:3; 18:3.
19*a* Lev. 20:6.
*b* IE manggagaway, manghuhula.
*c* 1 Sam. 28:6–20.
*d* o sa kapakanan ni.
20*a* IE ang mga pakikipag-usap ng espiritista (naroon din sa talata 21–22).
21*a* IE Dadalhin sa pagkabihag ang Israel dahil hindi sila nakinig.
**19** 1*a* Mat. 4:12–16.
2*a* Ang "kalabuan" at "kadiliman" ay mga lubusang pagtalikod sa katotohanan at pagkabihag; si Cristo ay "dakilang ilaw".
3*a* Is. 9:3.

yang balikat, ang hagupit ng
umaalipin sa kanya.
5 Sapagkat ang bawat digmaan
ng mandirigma ay may nakali-
litong kaguluhan, at ang mga
kasuotan ay nabalot sa dugo;
subalit ito ay susunugin at iga-
gatong sa apoy.
6 Sapagkat sa atin ay isinilang
ang isang [a]bata, sa atin ay ibini-
gay ang isang anak na lalaki; at
ang [b]pamamahala ay maaatang
sa kanyang balikat; at ang kan-
yang pangalan ay tatawaging
Kahanga-hanga, Tagapayo, Ang
[c]Makapangyarihang Diyos, Ang
[d]Amang Walang Hanggan, Ang
Prinsipe ng [e]Kapayapaan.
7 Ang pag-unlad ng kanyang
[a]pamamahala at kapayapaan [b]ay
walang katapusan, sa trono ni
David, at sa kanyang kaharian
upang isaayos ito, at upang ita-
tag ito nang may kahatulan at
katarungan mula ngayon, ma-
ging magpakailanman. Mang-
yayari ito sa pagpupunyagi ng
Panginoon ng mga Hukbo.
8 Ipinasabi ng Panginoon ang
kanyang salita kay Jacob at na-
liwanagan nito ang [a]Israel.
9 At malalaman ng lahat ng tao,
maging sa Ephraim at sa mga
naninirahan sa Samaria, na nag-
sasabi sa kapalaluan at sa ka-
pusukan ng kanilang puso:
10 Nagkahulog ang mga lad-
rilyo, subalit magtatayo tayo sa
tinabasang bato; ang mga siko-
moro ay nangaputol, subalit pa-
palitan natin sila ng mga sedro.
11 Samakatwid pinalusob ng
Panginoon ang mga kaaway ni
[a]Resin laban sa kanya, at pi-
nagsama ang kanyang mga ka-
away;
12 Ang mga taga-Siria sa hara-
pan at ang mga Filisteo sa liku-
ran; at bukang bibig nilang [a]la-
lamunin ang Israel. Sa lahat ng
ito ang kanyang [b]galit ay hindi
napapawi, kundi nakaunat pa
rin ang kanyang kamay.
13 Sapagkat [a]hindi bumaling
sa kanya ang mga taong yaon
na mga nagpapahirap sa kani-
la, ni hindi hinahanap ang Pa-
nginoon ng mga Hukbo.
14 Samakatwid puputulin ng
Panginoon mula sa Israel ang
ulo at buntot, ang sanga at tam-
bo sa isang araw.
15 Ang matanda, siya ang ulo;
at ang propetang nagtuturo ng
mga kasinungalingan, siya ang
buntot.
16 Sapagkat ang mga pinuno
ng mga taong ito ang nagliligaw
sa kanila; at silang pinamumu-
nuan nila ay winawasak.
17 Kaya nga hindi magkaka-
roon ng kagalakan ang Pangino-
on sa kanilang mga kabataang
lalaki, ni [a]kaaawaan ang kani-
lang mga ulila at babaing balo;
sapagkat bawat isa sa kanila ay
mapagkunwari at mga mang-
gagawa ng kasamaan, at bawat

6*a* Is. 7:14; Lu. 2:11.
*b* Mat. 28:18.
*c* Tit. 2:13–14.
*d* Alma 11:38–39, 44.
*e* Juan 14:27.
7*a* GBK Pamahalaan.
*b* Dan. 2:44.
8*a* IE Ang mga sumusunod na pahatid na propesiya (talata 8–21) ay isang babala sa sampung lipi sa kahilagaan, na tinawag na Israel.
11*a* 2 Hari 16:5–9.
12*a* 2 Hari 17:6, 18.
*b* Is. 5:25; 10:4.
13*a* Amos 4:6–12.
17*a* GBK Awa, Maawain.

bibig ay nagsasalita ng [b]kaha-
ngalan. Sa lahat ng ito ang kan-
yang galit ay hindi napapawi,
kundi nakaunat pa rin ang kan-
yang [c]kamay.
18 Sapagkat ang kasamaan ay
sumusunog na tulad ng apoy;
tutupukin nito ang mga dawa-
gan at tinikan, at mag-aalab sa
siitan ng mga gubat, at puma-
pailanglang sila tulad sa pagta-
as ng usok.
19 Sa pamamagitan ng poot
ng Panginoon ng mga Hukbo
ay dumilim ang lupain, at ang
mga tao ay magiging gatong ng
apoy; [a]walang sino man ang
maaawa sa kanyang kapatid.
20 At susunggab siya sa kan-
yang kanang kamay at magugu-
tom; at [a]kakain siya sa kaliwang
kamay at hindi sila mabubu-
sog; kinakain ng bawat isa ang
laman ng kanyang sariling bi-
sig—
21 Si [a]Manases, si [b]Ephraim; at
si Ephraim, si Manases; mag-
kasama silang kakalaban sa
[c]Juda. Sa lahat ng ito ang kan-
yang galit ay hindi napapawi,
kundi nakaunat pa rin ang kan-
yang kamay.

## KABANATA 20

*Ang pagkawasak ng Asiria ay isang halimbawa ng magiging pagkalipol ng masasama sa Ikalawang Pagparito—Kakaunting tao ang maiiwan matapos ang muling pagparito ng Panginoon—Sa araw na yaon ay magbabalik ang mga labi ni Jacob—Ihambing sa Isaias 10. Mga 559–545 B.C.*

SA aba nila na nag-uutos ng ma-
sasamang utos, at yaong sumu-
sulat ng kasuwailan na kanilang
ipinapayo;
2 Upang pagkaitan ng [a]ka-
tarungan ang mga nangangai-
langan, at alisan ng karapatan
ang mga maralita ng aking mga
tao, upang ang mga [b]babaing
balo ay kanilang maging pain,
at upang kanilang manakawan
ang mga ulila!
3 At ano ang iyong gagawin sa
araw ng [a]kaparusahan, at sa
pagkawasak na darating mula
sa malayo? Kanino kayo tatak-
bo upang humingi ng tulong?
At saan mo iiwan ang iyong ka-
yamanan?
4 Kung wala ako ay yuyukod
silang kasama ng mga bihag, at
mabubuwal silang kasama ng
mga napatay. Sa lahat ng ito
ang kanyang galit ay hindi na-
papawi, kundi nakaunat pa rin
ang kanyang kamay.
5 O mga taga-Asiria, na pama-
lo ng aking galit, at ang tungkod
sa kanilang mga kamay ay [a]ka-
nilang pagkapoot.
6 Ipadadala ko siya [a]laban sa
isang mapagkunwaring bansa,
at isusugo ko siya sa mga taong
aking kinapopootan upang ma-
namsam, at upang kunin ang
pain, at upang yapakan sila na
tulad ng luwad sa mga lansa-
ngan.

---

17*b* 2 Ne. 9:28–29.
*c* Jac. 5:47; 6:4.
19*a* Mi. 7:2–6.
20*a* Deut. 28:53–57.
21*a* GBK Manases.
*b* GBK Ephraim.
*c* GBK Juda.
**20** 2*a* O Katarungan.
*b* GBK Babaing Balo.
3*a* IE kaparusahan.
5*a* Is. 10:5.
6*a* IE laban sa Israel.

7 Subalit hindi gayon ang kanyang ibig sabihin, ni hindi gayon ang saloobin ng kanyang puso; kundi nasa puso niya ang mangwasak at paghiwalayin ang hindi kakaunting mga bansa.
8 Sapagkat winika niya: Hindi ba't mga hari ang lahat ng aking prinsipe?
9 Hindi ba't ang Calno ay katulad ng Carchemis? Hindi ba't ang Hamath ay katulad ng Arpad? Hindi ba't ang Samaria ay katulad ng Damasco?
10 Tulad ng pagtatag ng [a]aking kamay sa mga kaharian ng mga diyus-diyusan, at ng yaong mga nililok na larawan ay nahigitan sila ng mga taga-Jerusalem at taga-Samaria;
11 Hindi ko ba gagawin ang tulad ng aking ginawa sa Samaria at sa kanyang mga diyus-diyusan, ang gayon din sa Jerusalem at sa kanyang mga diyus-diyusan?
12 Dahil dito, ito ay mangyayari na matapos maisagawa ng Panginoon ang kanyang buong gawain sa Bundok ng Sion at sa Jerusalem, parurusahan ko ang [a]bunga ng mapusok na puso ng hari ng [b]Asiria, at ang kapangyarihan ng kanyang mapagmataas na tingin.
13 Sapagkat winika [a]niya: Sa pamamagitan ng lakas ng aking kamay at sa pamamagitan ng aking karunungan ay nagawa ko ang mga bagay na ito; sapagkat ako ay marunong; at aking iniurong ang mga hangganan ng mga tao, at sinamsam ko ang kanilang mga kayamanan, at inilugmok ko ang mga naninirahan tulad ng isang magiting na lalaki;
14 At natagpuan ng aking kamay ang mga kayamanan ng mga tao na tulad sa isang pugad; at tulad ng pagtitipon ng mga itlog na natira ay tinipon ko ang buong mundo; at walang sino man ang gumalaw ng pakpak, o nagbuka ng bibig, o sumiyap.
15 [a]Magmamapuri ba ang [b]palakol laban sa kanya na gumagamit niyon? Makapagmamalaki ba ang lagari laban sa kanya na humahawak niyon? Na para bang ang pamalo ay makapangyarihan sa kanila na nagtataas niyon, o para bang ang tungkod ay tataas na tila hindi ito kahoy!
16 Samakatwid ang Panginoon, ang Panginoon ng mga Hukbo, ay magpapadala sa kanyang matataba, ng kapayatan; at sa ilalim ng [a]kanyang kaluwalhatian ay kanyang paliliyabin ang ningas tulad ng pagniningas ng apoy.
17 At ang liwanag ng Israel ay magiging pinaka-apoy, at ang

10*a* IE ang kamay ng hari ng Asiria (talata 10–11).
12*a* IE nagmayabang ang palalo.
*b* Zef. 2:13.
13*a* IE ang hari ng Asiria (talala 13–14).
15*a* Nagtatanong ng ganoon ding katanungan ang lahat ng metapora sa talatang ito: Maaari bang magtagumpay ang tao (hal., ang hari ng Asiria) laban sa Diyos?
*b* IE inihalintulad ng propeta ang hari sa isang kagamitan.
16*a* IE ang hari ng Asiria (naroon din sa talata 17–19).

kanyang Banal ay pinaka-ni-
ngas, at mag-aalab at tutupukin
ang kanyang mga tinikan at da-
wagan sa isang araw;
18 At tutupukin ang kaganda-
han ng kanyang gubat, at ang
kanyang masaganang taniman,
kapwa [a]kaluluwa at katawan; at
sila ay magiging tulad ng nag-
dadala ng watawat kapag nan-
lulupaypay.
19 At ang mga [a]nalalabing pu-
nungkahoy sa kanyang gubat
ay kakaunti, anupa't mabibilang
sila ng isang bata.
20 At ito ay mangyayari [a]sa
araw na yaon, na ang labi ng Is-
rael, at yaong mga nakatakas sa
[b]sambahayan ni Jacob, ay hindi
na muling [c]mananalig sa kanya
na bumagabag sa kanila, suba-
lit mananalig sa Panginoon, ang
Banal ng Israel, sa katotohanan.
21 Magbabalik ang [a]labi, oo,
maging ang labi ni Jacob, sa ma-
kapangyarihang Diyos.
22 Sapagkat bagaman ang
iyong mga tao sa Israel ay ka-
sindami ng buhangin sa dagat,
gayon pa man magbabalik ang
labi nila; ang itinakdang [a]pag-
kalipol ay [b]aapaw sa katwiran.
23 Sapagkat ang paglilipol ay
[a]itinakda na ng Panginoong
Diyos ng mga Hukbo, maging
sa buong lupain.
24 Samakatwid, ganito ang
wika ng Panginoong Diyos ng
mga Hukbo: O, aking mga tao
na naninirahan sa Sion, huwag
kayong matakot sa mga taga-
Asiria; hahampasin ka niya ng
isang pamalo, at magtataas siya
ng tungkod laban sa iyo, tulad
ng [a]nakaugalian sa Egipto.
25 Sapagkat sumandali na la-
mang, at magwawakas na ang
kapootan, at aking galit sa ka-
nilang pagkawasak.
26 At pupukawin siya ng Pa-
nginoon ng mga Hukbo ng
isang pagpapahirap alinsunod
sa pagkakatay sa [a]Media sa ma-
laking bato ng Horeb; at itata-
as ang kanyang tungkod sa da-
gat gaya nang nakaugalian sa
Egipto.
27 At ito ay mangyayari na sa
araw na yaon ay maaalis ang
[a]pasaning nakaatang sa kan-
yang balikat, at ang kanyang
singkaw mula sa kanyang leeg,
at mawawasak ang singkaw da-
hil sa [b]pagpapahid ng langis.
28 Dumating [a]siya sa Aiat, nag-
daan siya sa Migron; sa Mikmas
ay iniwan ang kanyang mga
dala-dalahan.

---

18*a* ie Mawawala nang lubusan ang Asiria.
19*a* ie ang mga labi ng hukbo ng Asiria.
20*a* ie mga huling araw.
*b* Amos 9:8–9.
*c* ie nakasalalay sa.
21*a* Is. 11:11–12.
22*a* D at T 63:34. gbk Daigdig—Katapusan ng daigdig.
*b* ie Kahit na dumating ang kaparusahan, nariyan pa rin ang awa.
23*a* ie pinapangyari ang nasabing pagkawasak.
24*a* ie katulad ng ginawa ng mga taga-Egipto noong unang mga panahon. Ex. 1:13–14.
26*a* Gen. 25:1–2; Huk. 7:25.
27*a* Is. 14:25.
*b* gbk Pinahiran, Ang.
28*a* ie Napag-alaman ang mga balakin ng mga hukbo ng Asiria sa Jerusalem; ngayon (talata 33–34) patalinghagang inilarawan ang gagawin ng Panginoon laban sa kanila.

29 Nakaraan na sila sa tawiran; nagpahinga sila sa Gebas; natakot ang Ramat; tumakas ang Gibeas ni Saul.
30 Humiyaw nang malakas, O anak na babae ni Galim; iparinig ito sa Lais, o kaawa-awang Anatot.
31 Wala nang tao sa Madmena; nagtipun-tipon ang mga naninirahan sa Gabim upang tumakas.
32 Ngayong araw na ito ay nakatigil pa siya sa Nob; iwawasiwas niya ang kanyang kamay laban sa bundok ng anak na babae ng Sion, sa burol ng Jerusalem.
33 Masdan, ang Panginoon, ang Panginoon ng mga Hukbo ay puputulin ang mga sanga nang kakila-kilabot; at ibubuwal ang [a]matataas, at ang matatayog ay ibababa.
34 Ang kasukalan ng gubat ay kanyang tatabasin ng bakal, at mawawasak ang Libano sa pamamagitan ng isang makapangyarihan.

## KABANATA 21

*Maghahatol ang sanga ni Jesse (Cristo) sa katarungan—Ang kaalaman sa Diyos ay babalot sa mundo sa Milenyo—Magtataas ng isang sagisag ang Panginoon at titipunin ang Israel—Ihambing sa Isaias 11. Mga 559–545 B.C.*

AT may lalabas na [a]usbong sa [b]puno ni [c]Jesse, at lilitaw ang isang sanga mula sa kanyang mga ugat.
2 At mapapasakanya ang [a]Espiritu ng Panginoon, ang diwa ng karunungan at pang-unawa, ang diwa ng pagpapayo at kapangyarihan, ang diwa ng kaalaman at ang takot sa Panginoon;
3 At kalulugdan niya ang pagkatakot sa Panginoon; at hindi siya [a]hahatol nang naaayon sa nakikita ng kanyang mga mata, ni hindi rin hahatol ng alinsunod sa naririnig ng kanyang mga tainga.
4 Subalit hahatulan niya ang mga maralita nang may [a]katwiran, at [b]sasaway sa mga [c]maamo nang pantay-pantay; at kanyang hahampasin ang mundo ng pamalo ng kanyang bibig, at sa hininga ng kanyang mga labi ay papatayin niya ang masasama.
5 At magiging bigkis ng kanyang baywang ang katwiran, at katapatan ang pamigkis ng kanyang [a]balakang.
6 At maninirahan din ang lobo na kasama ang kordero, at mahihiga ang leopardo na kasiping ang batang kambing, at ang guya at ang batang leon at ang patabain ay magkasamang manginginain; at aakayin sila ng isang maliit na bata.

33*a* Hel. 4:12–13.
**21** 1*a* D at T 113:3–4.
*b* D at T 113:1–2.
*c* Si Jesse ang ama ni David; ang sanggunian ay ginawa sa dakilang talaangkanan ni David kung saan sa malao't madali ay isinilang si Jesus. Mi. 5:2; Heb. 7:14. GBK Jesse.
2*a* Is. 61:1–3.
3*a* Juan 7:24.
4*a* Awit 72:2–4; Mos. 29:12.
*b* HEB magpasiya.
*c* GBK Maamo, Kaamuan.
5*a* o baywang.

7 At manginginain ang baka at ang oso; at ang kanilang mga anak ay sama-samang mahihiga; at kakain ng dayami ang leon na tulad ng baka.

8 At ang pasusuhing bata ay maglalaro sa lungga ng [a]ahas, at ipapasok ng sanggol na kaaawat pa lamang ang kanyang kamay sa lungga ng [b]ulupong.

9 At [a]hindi sila mananakit ni maninira sa lahat ng aking banal na bundok, sapagkat mapupuno ang mundo ng [b]kaalaman sa Panginoon, tulad ng pagkapuno ng tubig sa karagatan.

10 At [a]sa araw na yaon ay sisibol ang isang [b]ugat ni Jesse, na tatayong pinakasagisag sa mga tao; [c]dito ang mga [d]Gentil ay sasangguni; at magiging maluwalhati ang kanyang katiwasayan.

11 At ito ay mangyayari sa araw na yaon na itataas na muli ng Panginoon ang kanyang kamay sa [a]ikalawang pagkakataon upang maibalik ang labi ng kanyang mga tao na matitira, mula sa Asiria, at mula sa Egipto, at mula sa Patros, at mula sa Cus, at mula sa Elam, at mula sa Sinar, at mula sa Jamat, at mula sa mga pulo ng dagat.

12 At magtataas siya ng [a]sagisag para sa mga bansa, at titipunin niya ang mga [b]tapon ng Israel, at sama-samang [c]titipunin ang mga ikinalat ng Juda mula sa apat na sulok ng mundo.

13 At ang [a]paninibugho rin ng Ephraim ay maaalis, at ihihiwalay ang mga kaaway ng Juda; hindi na [b]maiinggit ang Ephraim sa [c]Juda, at hindi na manliligalig ang Juda sa Ephraim.

14 Subalit [a]lulusob sila sa mga balikat ng mga Filisteo tungo sa kanluran; sabay-sabay silang mananamsam sa mga anak ng silanganan; at pagbubuhatan ng kanilang kamay ang Edom at Moab; at susundin sila ng mga anak ni Ammon.

15 At lubusang [a]patutuyuin ng Panginoon ang dila ng dagat Egipto; at sa pamamagitan ng kanyang malakas na hangin ay iwawasiwas niya ang kanyang kamay sa ilog, at hahampasin niya sa pitong batis, at palalakarin niya ang mga tao na hindi basa ang sapin sa paa.

8*a* isang makamandag na ahas ng Egipto.
*b* isa pang makamandag na ahas.
9*a* Is. 2:4. GBK Milenyo.
*b* D at T 101:32–33; 130:9.
10*a* IE mga huling araw. JS—K 1:40.
*b* Rom. 15:12; D at T 113:5–6.
*c* O sa kanya.
*d* D at T 45:9–10.
11*a* 2 Ne. 6:14; 25:17; 29:1.
12*a* GBK Sagisag.
*b* 3 Ne. 15:15; 16:1–4.
*c* Neh. 1:9; 1 Ne. 22:10–12; D at T 45:24–25. GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
13*a* Jer. 3:18.
*b* Ang mga lipi na pinamunuan ng Juda at Ephraim ay mga pagdurusang pangkasaysayan (matapos ang mga pangyayari sa 1 Hari 12:16–20). Sa mga huling araw ang alitang ito ay mawawala. Ez. 37:16–22. GBK Inggit.
*c* GBK Juda.
14*a* IE lusubin ang kanlurang libis na sakop ng mga Filisteo.
15*a* Zac. 10:11.

16 At magkakaroon ng [a]lansangan para sa mga labi ng kanyang mga tao na matitira, mula sa Asiria, tulad ng sa Israel sa araw na sila ay lumabas mula sa lupain ng Egipto.

## KABANATA 22

*Sa araw ng milenyo pupurihin ng lahat ng tao ang Panginoon—Maninirahan siyang kasama nila—Ihambing sa Isaias 12. Mga 559–545 B.C.*

At iyong sasabihin sa araw na yaon: O Panginoon, pupurihin kita; bagaman nagalit kayo sa akin ay napawi ang inyong galit, at inalo ninyo ako.
2 Masdan, ang Diyos ang aking kaligtasan; ako ay [a]magtitiwala, at walang katatakutan; sapagkat ang Panginoong [b]Jehova ang aking lakas at aking awit; siya rin ay naging aking kaligtasan.
3 Samakatwid, masaya kang iigib ng [a]tubig mula sa mga balon ng kaligtasan.
4 At sasabihin mo sa araw na yaon: [a]Purihin ang Panginoon, manawagan sa kanyang pangalan, ipahayag sa iyong mga tao ang kanyang mga gawain, ipagbantog na dakila ang kanyang pangalan.
5 [a]Awitan ang Panginoon; sapagkat gumawa siya ng mga dakilang bagay; ang mga ito ay ipaaalam sa buong mundo.
6 [a]Humiyaw at sumigaw, kayong mga naninirahan sa Sion; sapagkat dakila ang Banal ng Israel na nasa piling ninyo.

## KABANATA 23

*Ang pagkawasak ng Babilonia ay isang halimbawa ng magiging pagkawasak sa Ikalawang Pagparito—Ito ay magiging araw ng kapootan at paghihiganti—Ang Babilonia (daigdig) ay lubusang babagsak—Ihambing sa Isaias 13. Mga 559–545 B.C.*

Ang [a]iprinopesiya sa [b]Babilonia, na nakita ni Isaias na anak ni Amos.
2 Magtayo ka ng [a]bandila sa mataas na bundok, sumigaw kayo sa kanila, [b]iwasiwas ang kamay, upang pumasok sila sa mga pintuan ng mga maharlika.
3 Inutusan ko ang aking mga [a]itinalaga, tinawag ko rin ang aking mga makapangyarihan, sapagkat ang aking galit ay wala sa kanila na mga nagsasaya sa aking kamahalan.
4 Ang ingay ng maraming tao sa mga bundok ay tulad ng

16*a* Is. 35:8; D at T 133:27.
**22** 2*a* Mos. 4:6; Hel. 12:1.
*b* Ex. 15:2; Awit 83:18. GBK Jehova.
3*a* GBK Buhay na Tubig.
4*a* GBK Salamat, Nagpapasalamat, Pasasalamat.
5*a* D at T 136:28.
6*a* Is. 54:1; Zef. 3:14.
**23** 1*a* IE isang balita ng kapahamakan.
*b* Ipinopropesiya sa Is. 13 at 14 ang kasaysayan ng pagkawasak ng Babilonia, ay magiging kahalintulad ng lubusang pagkawasak ng buong masamang daigdig. D at T 133:5, 7, 14. GBK Babel, Babilonia.
2*a* O sagisag. GBK Sagisag.
*b* IE ikaway ang kamay, magbigay ng hudyat.
3*a* IE Mga banal.

isang dakilang bansa, umaali-
ngawngaw ang kaguluhan ng
mga [a]kaharian ng mga bansang
[b]nagtipun-tipon, ang Pangino-
on ng mga Hukbo ang nanga-
ngalap ng mga hukbo ng dig-
maan.
5 Nagmula sila sa malayong
bansa, mula sa hangganan ng la-
ngit, oo, ang Panginoon, at ang
mga sandata ng kanyang poot,
upang wasakin ang buong lu-
pain.
6 Magsiungol kayo, sapagkat
nalalapit na ang araw ng Pa-
nginoon; darating ito bilang
isang pagwasak mula sa Pina-
kamakapangyarihan.
7 Samakatwid manghihina ang
lahat ng kamay, manlulumo ang
puso ng bawat tao;
8 At matatakot sila; matinding
kirot at kalungkutan ay darana-
sin nila; magugulat sila sa isa't
isa; waring magliliyab ang ka-
nilang mga mukha.
9 Masdan, nalalapit na ang
araw ng Panginoon, malupit na
may poot at masidhing galit,
upang wasakin ang lupain; at
[a]lilipulin niya ang mga maka-
salanan doon.
10 Sapagkat ang mga bituin sa
langit at ang mga kaningningan
niyon ay hindi magbibigay ng
kanilang liwanag; magdidilim
ang [a]araw sa kanyang pagsikat,
at hindi magbibigay ng kanyang
liwanag ang buwan.
11 At [a]parurusahan ko ang da-
igdig dahil sa kanyang kasa-
maan, at ang masasama dahil sa
kanilang kabuktutan; aking pi-
pigilin ang [b]kahambugan ng
mga palalo, at aking ibababa ang
pagmamataas ng malulupit.
12 Gagawin kong higit na ma-
halaga ang [a]tao kaysa lantay na
ginto; maging ang isang tao kay-
sa sa gintong sinsel ng Ofir.
13 Samakatwid, yayanigin ko
ang kalangitan, at [a]aalisin ko ang
lupa sa kanyang kinalalagyan,
sa kapootan ng Panginoon ng
mga Hukbo, at sa araw ng kan-
yang masidhing galit.
14 At matutulad ito sa [a]usang
hinahabol, at tulad ng isang tu-
pang walang pastol; at mag-
babalik ang bawat isa sa kani-
kanyang bayan, at tatakas ang
bawat isa sa kani-kanyang
lupain.
15 Ang bawat palalo ay sisiba-
tin; oo, at ang bawat isang aanib
sa masama ay babagsak sa pa-
mamagitan ng espada.
16 Ang kanilang mga anak din
ay pagluluray-lurayin sa hara-
pan ng kanilang mga mata; pag-
nanakawan ang kanilang mga
tahanan at gagahasain ang ka-
nilang mga asawa.
17 Masdan, aking pupukawin
ang mga taga-Media laban sa
kanila, na hindi magpapakun-
dangan sa pilak at ginto, ni hin-
di sila nalulugod dito.
18 Luluray-lurayin din ng ka-
nilang mga busog ang mga ka-

4*a* Zac. 14:2–3.
*b* Zac. 12:3.
9*a* gbk Mundo—Paglilinis ng mundo.
10*a* gbk Daigdig—Katapusan ng daigdig.
11*a* Mal. 4:1.
*b* D at T 64:24.
12*a* Is. 4:1–4.
13*a* gbk Mundo—Huling kalagayan ng mundo.
14*a* o usang tinutugis.

bataang lalaki; at mawawalan
sila ng awa sa bunga ng sinapu-
punan; hindi nila patatawarin
ang mga bata.
19 At ang Babilonia, ang kalu-
walhatian ng mga kaharian, ang
[a]gandang ipinagmamalaki ng
mga Caldeo, ay magagaya sa
pagkawasak ng Diyos sa [b]Sodo-
ma at Gomorra.
20 Hindi na ito [a]matitirahan,
ni hindi paninirahan sa bawat
sali't salinlahi: ni hindi na ito
tatayuan ng tolda ng taga-Ara-
bia; ni hindi pahihigain doon
ng mga pastol ang kanilang ka-
wan.
21 Subalit ang [a]mababangis
na hayop ng ilang ay mahihiga
roon; at mapupuno ang kani-
lang mga tahanan ng mga ha-
yop na nagsisiungol; at mama-
mahay roon ang mga kuwago,
magluluksuhan doon ang [b]ma-
babangis na kambing.
22 At magsisiungol ang maba-
bangis na hayop ng mga pulo
sa kanilang mapapanglaw na
[a]tahanan, at ang [b]dragon sa ka-
nilang maliligayang palasyo; at
nalalapit na ang kanyang pana-
hon, at hindi na pahahabain ang
kanyang mga araw. Sapagkat
madali ko siyang wawasakin;
oo, sapagkat magiging maawa-
in ako sa aking mga tao, subalit
masasawi ang masasama.

## KABANATA 24

*Titipunin ang Israel at magtatamasa ng kapahingahan sa milenyo—Si Lucifer ay itinakwil mula sa langit dahil sa paghihimagsik—Magagapi ng Israel ang Babilonia (ang daigdig)—Ihambing sa Isaias 14. Mga 559–545 B.C.*

SAPAGKAT maaawa ang Pa-
nginoon kay Jacob, at [a]pipiliin
niyang muli ang Israel, at ilala-
gay sila sa kanilang sariling lu-
pain; at makikisama sa kanila
ang mga [b]dayuhan, at pipisan
sa sambahayan ni Jacob.
2 At kukunin sila ng mga [a]tao
at dadalhin sila sa kanilang lu-
gar; oo, mula sa malayo hang-
gang sa mga dulo ng mundo; at
babalik sila sa kanilang mga
[b]lupang pangako. At aangkinin
sila ng sambahayan ni Israel, sa
lupain ng Panginoon ay aari-
ing mga [c]tagapagsilbing babae
at lalaki; at kanilang bibihagin
sila na mga yaong bumihag sa
kanila; at paghaharian nila ya-
ong mga nagmalupit sa kanila.
3 At ito ay mangyayari na sa
araw na yaon ay bibigyan ka ng
Panginoon ng [a]pahinga, mula sa
iyong kalungkutan, at mula sa
iyong takot, at mula sa mabigat
na pagkaalipin kung saan ka
pinaglingkod.

19*a* IE kawalang-kabuluhan.
*b* Gen. 19:24–25; Deut. 29:23; 2 Ne. 13:9.
20*a* Jer. 50:3, 39–40.
21*a* Is. 34:14–15.
*b* HEB mga lalaking kambing, o mga demonyo.
22*a* HEB mga palasyo.
*b* HEB (marahil) mga lobo o mababangis na aso.
**24** 1*a* Zac. 1:17.
*b* Is. 60:3–5, 10.
2*a* IE Tutulungan ng ibang bansa ang Israel.
*b* GBK Lupang Pangako.
*c* Is. 60:14.
3*a* Jos. 1:13; D at T 84:24.

4 At ito ay mangyayari na sa
araw na yaon, na gagamitin mo
ang kasabihang ito laban sa hari
ng [a]Babilonia, at sasabihin: Pa-
ano natapos ang maniniil, na-
wala ang gintuang lunsod!
5 Binali ng Panginoon ang
tungkod ng masasama, ang se-
tro ng mga pinuno.
6 Siya na humahampas sa mga
tao nang walang tigil na pagha-
taw, siya na namahala sa mga
bansa sa galit, ay inusig, at wa-
lang humadlang.
7 Ang buong mundo ay nama-
hinga, at tahimik; bigla silang
[a]nagsipag-awit.
8 Oo, nagalak ang mga [a]puno
ng sipres dahil sa iyo, at gayon
din ang mga sedro ng Libano,
nagsasabing: Mula nang ikaw ay
[b]mapahinga wala nang [c]mamu-
mutol na gumagalaw sa amin.
9 Ang [a]impiyerno sa kailali-
man ay nagsisikilos para sa iyo
upang salubungin ka sa iyong
pagdating; pinupukaw niya ang
mga [b]patay para sa iyo, maging
lahat ng pinuno sa mundo;
pinatitindig niya mula sa kani-
lang mga trono ang lahat ng
hari ng mga bansa.
10 Lahat sila ay magsasalita at
sasabihin sa iyo: Naging mahi-
na ka rin bang tulad namin?
Naging katulad ka ba namin?
11 Bumaba ang iyong kaham-
bugan sa libingan; hindi narinig
ang ingay ng iyong mga biola;
nangangalat ang mga uod sa
ilalim mo, at natatakpan ka ng
mga uod.
12 [a]Paano ka nahulog mula sa
langit, O [b]Lucifer, anak ng uma-
ga! Ikaw na lumagpak sa lupa,
na nagpahina sa mga bansa!
13 Sapagkat sinasabi mo sa
iyong puso: Aakyat [a]ako sa la-
ngit, itataas ko ang aking trono
sa bundok ng mga bituin ng
Diyos; uupo rin ako sa itaas
ng kapulungan, sa mga kadulu-
duluhan ng [b]hilaga;
14 Aakyat ako sa ibabaw ng
mga ulap; matutulad ako sa
Kataas-taasan.
15 Gayon pa man ay ibinulid
ka sa impiyerno, sa kalalim-la-
liman ng [a]hukay.
16 Sila na nakakikita sa iyo ay
[a]matamang magmamasid sa iyo,
at tititigan ka, at sasabihin: Ito
ba ang lalaking nagpayanig sa
mundo, na umuga sa mga ka-
harian?
17 At ginawang tulad ng ilang
ang daigdig, at nagwasak sa
mga lunsod niyon, at hindi bi-
nuksan ang bahay ng kanyang
mga bilanggo?
18 Lahat ng hari ng mga ban-
sa, oo, lahat sila, ay marangal

4*a* GBK Babel, Babilonia.
7*a* Is. 55:12.
8*a* HEB roble.
*b* IE sa kamatayan.
*c* HEB ang mamumutol (ng puno) ay hindi sumalakay sa atin.
9*a* GBK Impiyerno.
*b* IE mga espiritung wala pang katawang lupa.
12*a* D at T 76:26.
*b* HEB umagang bituin, anak ng bukang-liwayway. Ang pinuno ng masamang daigdig (Babilonia) na tinutukoy ay si Lucifer, ang pinuno ng lahat ng kasamaan. GBK Diyablo; Lucifer.
13*a* Moi. 4:1–4.
*b* IE ang pananahan ng mga diyos alinsunod sa paniniwala ng mga taga-Babilonia. Awit 48:2.
15*a* 1 Ne. 14:3.
16*a* HEB aaninaw sa iyo, wawariin ka.

na namamahinga, bawat isa
sa [a]kani-kanilang sariling taha-
nan.
19 Subalit itinapon kang ma-
layo sa iyong libingan na tulad
sa [a]karumal-dumal na sanga, at
ang labi ng mga yaong nasawi,
na mga sinaksak ng espada, ka-
tulad ng bangkay na niyapak-
yapakan ng mga paa kasama
ng mga bumababa sa libingang
[b]bato.
20 Hindi mo makakasama sila
sa libing, sapagkat winasak mo
ang iyong lupain at pinatay mo
ang iyong mga tao; ang mga
[a]binhi ng mga [b]manggagawa ng
kasamaan ay hindi kailanman
kikilalanin.
21 Maghanda sa pagkakatay sa
kanyang mga anak dahil sa [a]ka-
samaan ng kanilang mga ama,
upang hindi na sila magsiba-
ngon, ni angkinin ang lupain,
ni punuin ng mga lunsod ang
balat ng lupa.
22 Sapagkat babangon ako la-
ban sa kanila, wika ng Pangino-
on ng mga Hukbo, at iwawaksi
sa Babilonia ang [a]pangalan, at
labi, at anak na lalaki, at [b]pa-
mangkin na lalaki, wika ng Pa-
nginoon.
23 Gagawin ko ring [a]pinaka-
ari ng mga hayop na eriso, ang
mga latian; at aking wawalisin
ng [b]pangwalis ng pagkawasak,
wika ng Panginoon ng mga
Hukbo.
24 Sumumpa ang Panginoon
ng mga Hukbo, sinasabing: Tu-
nay na kung ano ang aking ini-
sip, ay gayon din ang mangya-
yari; at kung ano rin ang aking
nilayon, ay matutupad—
25 Na dadalhin ko ang mga
[a]taga-Asiria sa aking lupain, at
yayapakan ko siya sa ilalim ng
mga paa sa [b]aking mga bundok;
pagkatapos aalisin sa kanila ang
[c]singkaw, at aalisin ang kanyang
pasaning iniatang sa kanilang
mga balikat.
26 Ito ang layuning nilayon sa
buong mundo; at ito ang kamay
na nakaunat sa [a]lahat ng bansa.
27 Sapagkat ang Panginoon ng
mga Hukbo ang naglayon, at
sino ang magpapawalang-bisa
niyaon? At nakaunat ang kan-
yang kamay, at sino ang maka-
pagpapaurong nito?
28 Sa [a]taong namatay ang ha-
ring [b]Achas ay iprinopesiya ito.
29 Huwag kang magalak, bu-
ong Palestina, sapagkat ang pa-
malo niya na humampas sa iyo
ay nabali; sapagkat mula sa ugat

18*a* IE libingan ng kanyang mag-anak.
19*a* IE isang sangang tinanggihan, pinutol at itinapon.
*b* IE pinaka-ilalim.
20*a* Awit 21:10–11; 37:28.
*b* GBK Masama, Kasamaan.
21*a* Ex. 20:5.
22*a* Kaw. 10:7.
*b* Job 18:19.
23*a* Is. 34:11–15.
*b* o walis.
25*a* Ang paksa ay nalipat sa paglusob ng Asiria at pagbagsak ng Juda, 701 B.C. (talata 24–27). 2 Hari 19:32–37; Is. 37:33–38.
*b* IE ang mga bundok ng Juda at Israel.
*c* Is. 10:27.
26*a* IE Sa malao't madali ang lahat ng makamundong bansa ay pababagsakin.
28*a* IE Mga 720 B.C., ang pasaning ito o pahatid ng pagkawasak ay ipinopropesiya sa mga Filisteo samantalang maliligtas ang Juda.
*b* 2 Hari 16:20.

ng ahas ay lalabas ang ulupong, at ang kanyang anak ay magiging nagliliyab na ahas na lumilipad.
30 At kakain ang panganay ng mga maralita, at mamamahinga ang mga nangangailangan sa kaligtasan; at papatayin ko ang iyong ugat sa pamamagitan ng taggutom, at papatayin niya ang iyong mga labi.
31 Magsiungol, O pinto; magsihiyaw, O lunsod; ikaw, buong Palestina, manginig; sapagkat lalabas ang usok mula sa hilaga, at walang mag-iisa sa kanyang takdang panahon.
32 Ano ngayon ang isasagot sa mga sugo ng mga bansa? Na itinatag ng Panginoon ang [a]Sion, at [b]magtitiwala rito ang [c]maralita ng kanyang mga tao.

## KABANATA 25

*Si Nephi ay nagagalak sa kalinawan—Ang mga propesiya ni Isaias ay mauunawaan sa mga huling araw—Ang mga Judio ay magbabalik mula sa Babilonia, ipapako sa krus ang Mesiyas, at ikakalat, at pahihirapan—Ibabalik sila kapag naniwala na sila sa Mesiyas—Una siyang paparito anim na raang taon matapos lisanin ni Lehi ang Jerusalem—Sinunod ng mga Nephita ang mga batas ni Moises at naniwala kay Cristo, na siyang Banal ng Israel. Mga 559–545* B.C.

Ngayon, ako, si Nephi, ay nagsasalita nang bahagya hinggil sa mga salitang aking isinulat, na namutawi sa bibig ni Isaias. Sapagkat masdan, nangusap si Isaias ng maraming bagay na [a]mahirap maunawaan ng marami sa aking mga tao; sapagkat hindi nila nalalaman ang hinggil sa paraan ng pagpopropesiya sa mga Judio.
2 Sapagkat ako, si Nephi, ay hindi nagturo sa kanila ng maraming bagay hinggil sa pamamaraan ng mga Judio; sapagkat ang kanilang mga [a]gawain ay gawain ng kadiliman, at ang kanilang mga gawi ay mga gawing karumal-dumal.
3 Dahil dito, sumusulat ako sa aking mga tao, sa lahat ng yaong makatatanggap ng mga bagay na ito na aking isinusulat, upang malaman nila ang paghuhukom ng Diyos, na sasapit sa lahat ng bansa, alinsunod sa salitang kanyang sinabi.
4 Dahil dito, makinig, O aking mga tao, na nabibilang sa sambahayan ni Israel, at pakinggan ang aking mga salita; sapagkat hindi malinaw sa inyo ang mga salita ni Isaias, gayon pa man malinaw ang mga yaon sa lahat ng yaong puspos ng [a]diwa ng [b]propesiya. Subalit magbibigay ako sa inyo ng isang propesiya, alinsunod sa espiritu na nasa akin; dahil dito magpopropesiya ako alinsunod sa [c]kalinawan na nasa akin mula sa panahong ako ay lumisan sa Jerusalem na

32*a* GBK Sion.
*b* o maghanap ng kanlungan dito.
*c* Zef. 3:12.

**25** 1*a* 2 Ne. 25:5–6.
2*a* 2 Hari 17:13–20.
4*a* GBK Espiritu Santo.
*b* GBK Propesiya, Pagpopropesiya.
*c* 2 Ne. 31:3; 33:5–6; Jac. 4:13.

kasama ng aking ama; sapag-
kat masdan, ang aking kalulu-
wa ay nalulugod sa kalinawan
para sa aking mga tao, upang
matuto sila.
5 Oo, at ang aking kaluluwa
ay nalulugod sa mga salita ni
[a]Isaias, sapagkat ako ay nag-
mula sa Jerusalem, at namasdan
ng aking mga mata ang mga
bagay ng mga [b]Judio, at alam
kong nauunawaan ng mga Ju-
dio ang mga ipinahayag ng mga
propeta, at walang ibang taong
makauunawa ng mga pagha-
yag na sinabi sa mga Judio nang
tulad nila, maliban kung sila ay
naturuan alinsunod sa pama-
maraan ng mga bagay ng mga
Judio.
6 Subalit masdan, ako, si Ne-
phi, ay hindi nagturo sa aking
mga anak hinggil sa mga pa-
mamaraan ng mga Judio; suba-
lit masdan, ako, sa aking sarili,
ay nakapanirahan sa Jerusalem,
dahil dito nalalaman ko ang
hinggil sa mga lugar sa paligid;
at nagawang banggitin ko sa
aking mga anak ang hinggil sa
mga kahatulan ng Diyos, na
[a]sasapit sa mga Judio, sa aking
mga anak, alinsunod sa lahat
ng sinabi ni Isaias, at hindi ko
isinulat ang mga ito.
7 Subalit masdan, magpapa-
tuloy ako sa aking sariling pro-
pesiya, alinsunod sa aking [a]ka-
linawan; na kung saan ay nala-
laman ko na walang sino man
ang maaaring magkamali; ga-
yon pa man, sa mga araw na
matutupad ang mga propesiya
ni Isaias ay malalaman ng mga
tao nang may katiyakan, sa mga
panahon na ang mga ito ay
mangyayari.
8 Dahil dito, [a]mahalaga ang
mga yaon sa mga anak ng tao,
at siya na nag-aakala nang tali-
was dito, sa kanila na rin ako
magsasalita, at iaangkop ang
mga salita sa aking [b]sariling
mga tao; sapagkat nalalaman
kong labis na mahalaga ang
mga ito sa kanila sa mga [c]hu-
ling araw; sapagkat sa araw na
yaon ay mauunawaan nila ang
mga yaon; dahil dito, para sa
kanilang ikabubuti ay isinulat
ko ang mga ito.
9 At tulad ng [a]pagkalipol ng
unang salinlahi ng mga Judio
dahil sa kasamaan, gayon din
sila nalipol sa bawat sali't sa-
linlahi alinsunod sa kanilang
kasamaan; at hindi kailanman
nalipol ang sino man sa kanila
maliban lamang na ito ay [b]ibi-
nadya sa kanila ng mga prope-
ta ng Panginoon.
10 Dahil dito, nasabi ko sa ka-
nila ang hinggil sa pagkawasak
na sasapit sa kanila, pagkatapos
na pagkatapos lisanin ng aking
ama ang Jerusalem; gayon pa
man, pinatigas nila ang kani-
lang mga puso; at alinsunod sa

5*a* 1 Ne. 19:23; 3 Ne. 23:1.
*b* GBK Judio, Mga.
6*a* 2 Ne. 6:8; Hel. 8:20–21.
7*a* 2 Ne. 32:7; Alma 13:23.
8*a* GBK Banal na Kasulatan, Mga—Kahalagahan ng mga banal na kasulatan.
*b* Enos 1:13–16; Morm. 5:12–15; D at T 3:16–20.
*c* GBK Huling Araw, Mga.
9*a* Jer. 39:4–10; Mat. 23:37–38.
*b* Amos 3:7; 1 Ne. 1:13.

aking propesiya sila ay [a]nali-
pol, maliban sa mga yaong [b]na-
dalang bihag sa Babilonia.
11 At ngayon sinasabi ko ito
dahil sa espiritu na nasa akin. At
bagaman sila ay dinala palayo,
sila ay muling magbabalik, at
aangkinin ang lupain ng Jeru-
salem; dahil dito, [a]maibabalik
silang muli sa lupaing kanilang
mana.
12 Subalit masdan, magkaka-
roon sila ng mga digmaan, at
alingawngaw ng mga digmaan;
at kapag dumating ang araw na
ang [a]Bugtong na Anak ng Ama,
oo, maging ang Ama ng langit
at ng lupa, ay magpapakita ng
kanyang sarili sa kanila sa la-
man, masdan, kanilang itatak-
wil siya, dahil sa kanilang mga
kasamaan, at sa katigasan ng
kanilang mga puso, at sa kati-
gasan ng kanilang mga leeg.
13 Masdan, kanilang [a]ipapako
siya sa krus; at matapos siyang
ilagay sa [b]libingan sa loob ng
[c]tatlong araw ay [d]babangon siya
mula sa patay, na may pagpapa-
galing sa kanyang mga bagwis;
at ang lahat ng yaong manini-
wala sa kanyang pangalan ay
maliligtas sa kaharian ng Diyos.
Dahil dito, ang aking kaluluwa
ay nalulugod na magpropesiya
hinggil sa kanya, sapagkat [e]na-
kita ko ang kanyang panahon,
at ipinagmamalaki ng aking
puso ang kanyang banal na pa-
ngalan.
14 At masdan ito ay mang-
yayari na matapos bumangon
mula sa patay ang [a]Mesiyas, at
ipakita ang kanyang sarili sa
kanyang mga tao, sa kasindami
ng lahat ng maniniwala sa kan-
yang pangalan, masdan, [b]wawa-
saking muli ang Jerusalem; sa-
pagkat sa aba nila na kumaka-
laban sa Diyos at sa mga tao ng
kanyang simbahan.
15 Dahil dito, ang mga [a]Judio
ay [b]ikakalat sa lahat ng bansa;
oo, at wawasakin din ang [c]Babi-
lonia; dahil dito, ang mga Judio
ay ikakalat ng mga ibang bansa.
16 At matapos silang ikalat, at
matapos silang pahirapan ng
Panginoong Diyos sa pamama-
gitan ng mga ibang bansa sa
loob ng maraming salinlahi, oo,
maging sa bawat sali't salinlahi
hanggang sa sila ay mahikayat
na [a]maniwala kay Cristo, ang
Anak ng Diyos, at sa pagbaba-
yad-sala, na walang hanggan
para sa buong sangkatauhan—
at kapag dumating ang araw
na yaon na maniniwala sila kay
Cristo, at sasambahin ang Ama
sa kanyang pangalan, nang may
pusong dalisay at malilinis na
kamay, at hindi na maghihin-
tay pa ng ibang Mesiyas, doon,

---

10*a* 1 Ne. 7:13; 2 Ne. 6:8; Omni 1:15; Hel. 8:20–21.
*b* 2 Hari 24:14; Jer. 52:3–16.
11*a* Ezra 1:1–4; Jer. 24:5–7.
12*a* GBK Bugtong na Anak.
13*a* Lu. 23:33.
*b* Juan 19:41–42; 1 Ne. 19:10.
*c* Lu. 24:6–7; Mos. 3:10.
*d* GBK Pagkabuhay na Mag-uli.
*e* 1 Ne. 11:13–34.
14*a* GBK Mesiyas.
*b* Lu. 21:24; JS—M 1:1–18.
15*a* GBK Judio, Mga.
*b* Neh. 1:8–9; 2 Ne. 10:6.
*c* GBK Babel, Babilonia.
16*a* 2 Ne. 10:6–9; 30:7; Morm. 5:14.

sa oras na yaon, darating ang
araw na talagang kinakaila-
ngang maniwala sila sa mga
bagay na ito.
17 At muling iuunat ng Pa-
nginoon ang kanyang kamay sa
ikalawang pagkakataon upang
[a]ibalik ang kanyang mga tao
mula sa kanilang ligaw at na-
hulog na kalagayan. Dahil dito,
magpapatuloy siyang gumawa
ng isang [b]kagila-gilalas at ka-
mangha-manghang gawain sa
mga anak ng tao.
18 Dahil dito, isisiwalat niya
ang kanyang mga [a]salita sa ka-
nila, mga salita na siyang [b]haha-
tol sa kanila sa huling araw, sa-
pagkat ibibigay ang mga yaon
sa kanila sa layuning [c]hikaya-
tin sila sa tunay na Mesiyas, na
itinakwil nila; at sa paghihika-
yat sa kanila na hindi na kina-
kailangang sila ay maghintay
pa sa pagparito ng isang Mesi-
yas, sapagkat wala nang dara-
ting pa, maliban sa isang [d]hu-
wad na Mesiyas na manlilin-
lang sa mga tao; sapagkat iisa
lamang ang Mesiyas na tinu-
tukoy ng mga propeta, at ang
Mesiyas na yaon ang siyang
itatakwil ng mga Judio.
19 Sapagkat ayon sa mga salita
ng mga propeta, paparito ang
[a]Mesiyas sa loob ng [b]anim na
raang taon mula sa panahong
nilisan ng aking ama ang Jeru-
salem; at ayon sa mga salita ng
mga propeta, at gayon din sa
salita ng [c]anghel ng Diyos, ang
kanyang magiging pangalan ay
Jesucristo, ang Anak ng Diyos.
20 At ngayon, aking mga ka-
patid, nagsasalita ako nang ma-
linaw upang hindi kayo mag-
kamali. At yamang buhay ang
Panginoong Diyos na [a]nagla-
bas sa Israel mula sa lupain ng
Egipto, at nagbigay ng kapang-
yarihan kay Moises upang [b]ma-
pagaling niya ang mga tao ma-
tapos silang matuklaw ng mga
makamandag na ahas, kung ka-
nilang ibabaling ang mga pani-
ngin sa [c]ahas na itinaas niya sa
kanilang harapan, at nagbigay
rin ng kapangyarihan sa kan-
ya na hampasin ang [d]malaking
bato at bumugso ang tubig; oo,
masdan, sinasabi ko sa inyo, na
yamang totoo ang mga bagay
na ito, at yamang buhay ang
Panginoong Diyos, wala nang
ibang [e]pangalang ibinigay sa ila-
lim ng langit maliban dito kay
Jesucristo, na aking sinabi, na
makaliligtas sa tao.
21 Dahil dito, sa kadahilanang
ito ay ipinangako sa akin ng

17*a* 2 Ne. 21:11–12; 29:1. GBK Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo.
*b* Is. 29:14; 2 Ne. 27:26; 3 Ne. 28:31–33.
18*a* 2 Ne. 29:11–12; 33:11, 14–15.
*b* GBK Paghuhukom, Ang Huling.
*c* 2 Ne. 26:12–13.
*d* GBK Anti-Cristo.
19*a* GBK Jesucristo—Mga propesiya hinggil sa pagsilang at kamatayan ni Jesucristo.
*b* 1 Ne. 10:4; 3 Ne. 1:1, 13.
*c* 2 Ne. 10:3.
20*a* Ex. 3:7–10; 1 Ne. 17:24, 31; 19:10.
*b* Juan 3:14; 1 Ne. 17:41.
*c* Blg. 21:8–9; Alma 33:19; Hel. 8:14–15.
*d* Ex. 17:6; Blg. 20:11; 1 Ne. 17:29; 20:21.
*e* Os. 13:4; Gawa 4:10–12; Mos. 5:8; Moi. 6:52. GBK Tagapagligtas.

Panginoong Diyos na ang mga bagay na ito na aking [a]isinusulat ay itatago at iingatan, at ipapasa-pasa sa aking mga binhi, sa bawat sali't salinlahi, upang matupad ang pangako kay Jose, na ang kanyang mga binhi ay hindi [b]masasawi habang nakatindig ang mundo.

22 Dahil dito, ang mga bagay na ito ay makararating sa bawat sali't salinlahi habang nakatindig ang mundo; at ang mga ito ay makararating alinsunod sa kalooban at kasiyahan ng Diyos; at ang mga bansang magmamay-ari ng mga yaon ay [a]hahatulan niyon alinsunod sa mga salitang nasusulat.

23 Sapagkat masigasig kaming gumagawa upang makasulat, upang [a]hikayatin ang ating mga anak, at ang atin ding mga kapatid, na maniwala kay Cristo, at makipagkasundo sa Diyos; sapagkat nalalaman naming naligtas tayo sa pamamagitan ng [b]biyaya, sa kabila ng lahat ng ating [c]magagawa.

24 At, bagaman naniniwala tayo kay Cristo, ay [a]sinusunod natin ang mga batas ni Moises, at matatag na umaasa kay Cristo, hanggang sa matupad ang mga batas.

25 Sapagkat, sa layuning ito ibinigay ang mga [a]batas; dahil dito [b]nawalang-saysay ang mga batas sa atin, at buhay tayo kay Cristo dahil sa ating pananampalataya; gayon man sinusunod natin ang mga batas dahil sa mga kautusan.

26 At [a]nangungusap tayo tungkol kay Cristo, nagagalak tayo kay Cristo, nangangaral tayo tungkol kay Cristo, [b]nagpopropesiya tayo tungkol kay Cristo, at sumusulat tayo alinsunod sa ating mga propesiya, upang malaman ng ating mga [c]anak kung kanino sila aasa para sa [d]kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.

27 Dahil dito, nangungusap kami hinggil sa mga batas upang malaman ng aming mga anak ang pagkawalang-kabuluhan ng mga batas; at sila, sa pamamagitan ng pagkaalam ng pagkawalang-kabuluhan ng mga batas, ay makaaasa sa buhay na yaong na kay Cristo, at malalaman ang layunin kung bakit ibinigay ang mga batas. At matapos matupad ang mga batas kay Cristo, na hindi nila kinakailangang patigasin pa ang kanilang mga puso laban sa kanya kapag kinakailangan nang palitan ang mga batas.

28 At ngayon masdan, aking mga tao, kayo ay mga [a]taong matitigas ang leeg; dahil dito,

21*a* 2 Ne. 27:6–14.
*b* Amos 5:15; 2 Ne. 3:16; Alma 46:24–27.
22*a* 2 Ne. 29:11; 33:10–15; 3 Ne. 27:23–27.
23*a* GBK Bata, Mga Bata.
*b* Rom. 3:23–24; 2 Ne. 2:4–10; Mos. 13:32; Alma 42:12–16; D at T 138:4. GBK Biyaya.
*c* Sant. 2:14–26. GBK Gawa, Mga.
24*a* Jac. 4:4–5.
25*a* GBK Batas ni Moises, Mga.
*b* Rom. 7:4–6.
26*a* Jac. 4:12; Jar. 1:11; Mos. 3:13.
*b* Lu. 10:23–24.
*c* GBK Bata, Mga Bata.
*d* GBK Kapatawaran ng mga Kasalanan.
28*a* Mos. 3:14.

nagsalita ako nang malinaw sa inyo, upang hindi kayo magkamali ng pang-unawa. At ang mga salitang aking sinabi ay tatayong [b]saksi laban sa inyo; sapagkat sapat na ang mga yaon upang [c]turuan ang sino mang tao sa tamang landas; sapagkat ang tamang landas ay maniwala kay Cristo at huwag siyang itatwa; sapagkat sa pagtatatwa sa kanya ay inyo ring itinatatwa ang mga propeta at ang mga batas.
29 At ngayon masdan, sinasabi ko sa inyo na ang tamang landas ay maniwala kay Cristo, at hindi siya itatwa; at si Cristo ang Banal ng Israel; dahil dito kinakailangan kayong lumuhod sa kanyang harapan, at sambahin siya nang buo ninyong [a]kakayahan, pag-iisip at lakas, at nang buo ninyong kaluluwa; at kung gagawin ninyo ito ay hindi mangyayaring kayo ay itataboy.
30 At yayaman din lamang na ito ay kinakailangan, dapat ninyong sundin ang mga gawain at [a]ordenansa ng Diyos hanggang sa matupad ang mga batas na ibinigay kay Moises.

## KABANATA 26

*Si Cristo ay mangangaral sa mga Nephita—Nakita ni Nephi sa pangitain ang pagkalipol ng kanyang mga tao—Magsasalita sila mula sa alabok—Ang mga Gentil ay magtatayo ng mga huwad na simbahan at lihim na pagsasabwatan—Pinagbabawalan ng Panginoon ang mga tao na magsagawa ng mga huwad na pagkasaserdote. Mga 559–545 B.C.*

AT matapos na [a]bumangon mula sa patay si Cristo ay [b]ipakikita niya ang sarili sa inyo, aking mga anak, at aking mga minamahal na kapatid; at ang mga salitang sasabihin niya sa inyo ay magiging [c]batas na inyong gagawin.
2 Sapagkat masdan, sinasabi ko sa inyo na namasdan kong lilipas ang maraming salinlahi, at magkakaroon ng malalaking digmaan at alitan sa aking mga tao.
3 At matapos pumarito ang Mesiyas ay may ibibigay na mga [a]palatandaan sa aking mga tao hinggil sa kanyang [b]pagsilang, at gayon din ng kanyang kamatayan at pagkabuhay na mag-uli; at magiging dakila at kakila-kilabot ang araw na yaon sa masasama, sapagkat masasawi sila; at masasawi sila sapagkat ipinagtabuyan nila ang mga propeta, at ang mga banal, at binato nila, at pinatay sila; dahil dito, ang pagsusumamo ng [c]dugo ng mga banal ay makararating sa Diyos mula sa lupa laban sa kanila.
4 Dahil dito, lahat ng yaong

28*b* GBK Patotoo.
*c* 2 Ne. 33:10.
29*a* Deut. 6:5; Mar. 12:29–31.
30*a* GBK Ordenansa, Mga.
**26** 1*a* 3 Ne. 11:1–12.
*b* 1 Ne. 11:7; 12:6.
*c* 3 Ne. 15:2–10.
3*a* 1 Ne. 12:4–6. GBK Palatandaan.
*b* GBK Jesucristo—Mga propesiya hinggil sa pagsilang at kamatayan ni Jesucristo.
*c* Gen. 4:10; 2 Ne. 28:10; Morm. 8:27.

palalo, at gumagawa ng kasa-
maan, sa araw na darating ay
[a]susunugin sila, wika ng Pa-
nginoon ng mga Hukbo, sapag-
kat matutulad sila sa pinagga-
pasan.
5 At sila na pumatay sa mga
propeta, at sa mga banal, sila
ay [a]lulunukin ng kailaliman ng
mundo, wika ng Panginoon ng
mga Hukbo; at tatakpan sila ng
mga [b]bundok, at tatangayin si-
lang palayo ng buhawi, at ma-
babagsakan sila ng mga gusali
at dudurugin sila nang pira-
piraso at gigilingin sila hang-
gang maging pulbos.
6 At sila ay parurusahan ng
mga pagkulog, at pagkidlat, at
paglindol, at lahat ng uri ng
pagkawasak, sapagkat ang apoy
ng galit ng Panginoon ay mag-
aalab laban sa kanila, at magi-
ging tulad sila ng pinaggapasan,
at ang araw na darating ay tu-
tupok sa kanila, wika ng Pa-
nginoon ng mga Hukbo.
7 O ang pasakit, at ang pagda-
dalamhati ng aking kaluluwa
dahil sa pagkalipol ng aking
mga taong napatay! Sapagkat
ako, si Nephi, ay nakita ito, at
halos matunaw ako sa hara-
pan ng Panginoon; subalit ka-
ilangan kong magpahayag sa
aking Diyos: [a]Makatarungan ang
inyong pamamaraan.
8 Subalit masdan, ang mabu-
buti na makikinig sa mga salita
ng mga propeta, at hindi sila
lilipulin, bagkus ay umaasa
kay Cristo nang may katatagan
para sa mga palatandaang ibi-
nigay, sa kabila ng lahat ng
[a]pag-uusig—masdan, sila ang
mga yaong [b]hindi masasawi.
9 Subalit ang Anak ng Ka-
butihan ay [a]magpapakita sa ka-
nila; at kanyang [b]pagagalingin
sila, at magkakaroon sila ng
[c]kapayapaan sa kanya, hang-
gang sa lumipas ang [d]tatlong
salinlahi, at marami sa [e]ikaapat
na salinlahi ang papanaw sa
kabutihan.
10 At kapag lumipas na ang
mga bagay na ito ay isang ma-
bilis na [a]pagkalipol ang sasapit
sa aking mga tao; sapagkat sa
kabila ng mga pasakit ng aking
kaluluwa, ay nakita ko ito; da-
hil dito, nalalaman ko na ito ay
mangyayari; at ipinagbili nila
ang kanilang sarili sa walang
kabuluhan; sapagkat, bilang
gantimpala sa kanilang kapala-
luan at kanilang kahangalan sila
ay aani ng pagkalipol; sapag-
kat nagpadaig sila sa diyablo at
pinili ang mga gawain ng kadi-
liman kaysa liwanag, samakat-
wid tiyak na bababa sila sa [b]im-
piyerno.
11 Sapagkat hindi tuwinang
[a]nananatili sa tao ang Espiritu
ng Panginoon. At kapag wala na
ang Espiritu ng Panginoon sa
tao ay sasapit ang mabilis na

4*a* 3 Ne. 8:14–24; 9:3, 9.
5*a* 1 Ne. 19:11;
3 Ne. 10:14.
*b* 3 Ne. 8:10; 9:5–8.
7*a* GBK Katarungan.
8*a* GBK Usigin, Pag-uusig.
*b* 3 Ne. 10:12–13.
9*a* 3 Ne. 11:8–15.
*b* 3 Ne. 17:7–9.
*c* 4 Ne. 1:1–4.
*d* 1 Ne. 12:11–12;
3 Ne. 27:30–32.
*e* Alma 45:10–12;
Hel. 13:9–10.
10*a* Alma 45:9–14;
Morm. 8:1–9.
*b* GBK Impiyerno.
11*a* Eter 2:15.

pagkalipol, at ito ang ipinagdaramdam ng aking kaluluwa.
12 At tulad ng aking sinabi hinggil sa [a]pagpapaniwala ng mga [b]Judio, na si Jesus ang [c]tunay na Cristo, talagang kinakailangang mapaniwala rin ang mga Gentil na si Jesus ang Cristo, ang Diyos na Walang Hanggan.
13 At ipinakikilala ang kanyang sarili sa lahat ng yaong naniniwala sa kanya, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng [a]Espiritu Santo; oo, sa bawat bansa, lahi, wika, at tao, gumagawa ng mga makapangyarihang himala, palatandaan, at kababalaghan, sa mga anak ng tao alinsunod sa kanilang pananampalataya.
14 Subalit masdan, magpopropesiya ako sa inyo hinggil sa mga [a]huling araw; hinggil sa mga araw na [b]isisiwalat ng Panginoong Diyos ang mga bagay na ito sa mga anak ng tao.
15 Matapos na ang aking mga binhi at ang mga binhi ng aking mga kapatid ay manghina sa kawalang-paniniwala, at mabagabag ng mga Gentil; oo, matapos humimpil ang Panginoong Diyos laban sa kanila sa palibot, at makubkob sila, at magtayo ng mga kuta laban sa kanila; at matapos ibaba sila sa alabok, hanggang sa sila ay malipol, gayon pa man ang mga salita ng mabubuti ay masusulat, at maririnig ang mga panalangin ng matatapat, at ang lahat ng yaong nanghina sa kawalang-paniniwala ay hindi malilimutan.
16 Sapagkat ang mga yaong malilipol ay [a]magsasalita sa kanila mula sa lupa, at ang kanilang pananalita ay manggagaling sa alabok, at ang kanilang tinig ay tulad sa yaong kilalang diwa; sapagkat ang Panginoong Diyos ay magbibigay sa kanya ng kapangyarihan upang makabulong siya hinggil sa kanila; maging sa ito ay mula pa sa lupa; at ang kanilang pananalita ay bubulong mula sa alabok.
17 Sapagkat ganito ang wika ng Panginoong Diyos: [a]Isusulat nila ang mga bagay na ginawa sa kanila, at masusulat ang mga ito at tatatakan sa isang aklat, at ang mga yaon ay hindi mapapasakamay ng mga yaong nanghina sa kawalang-paniniwala, sapagkat [b]hinahangad nilang wasakin ang mga bagay ng Diyos.
18 Dahil dito, yayamang ang mga yaong nalipol ay mabilis na nalipol; at ang maraming tao ng kanilang mga kilabot ay matutulad sa [a]ipang inilipad ng hangin—oo, ganito ang wika ng Panginoong Diyos: Ito ay magiging biglaan, madalian—

12*a* 2 Ne. 25:18.
*b* 2 Ne. 30:7; Morm. 5:14. GBK Judio, Mga.
*c* Morm. 3:21.
13*a* GBK Espiritu Santo.
14*a* GBK Huling Araw, Mga.
*b* GBK Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo.
16*a* Is. 29:4; Moro. 10:27; Moi. 7:62. GBK Aklat ni Mormon.
17*a* 2 Ne. 29:12.
*b* Enos 1:14.
18*a* Morm. 5:16–18.

19 At ito ay mangyayari na ang
mga yaong nanghina sa kawa-
lang-paniniwala ay [a]babagaba-
gin sa pamamagitan ng kamay
ng mga Gentil.
20 At ang mga Gentil ay maa-
angat sa [a]kapalaluan ng kani-
lang mga mata, at [b]mangatiti-
sod, dahil sa kalakihan ng kani-
lang [c]batong kinatitisuran, kung
kaya't nagtayo sila ng mara-
ming [d]simbahan; gayon pa man,
itinatanggi nila ang kapangyari-
han at ang mga himala ng Diyos,
at ipinangangaral sa kanilang
sarili ang sarili nilang karunu-
ngan at [e]kaalaman, upang ma-
kakuha sila ng yaman at [f]hama-
kin ang mga maralita.
21 At maraming simbahan ang
itinayo na pinagmumulan ng
[a]inggitan, at sigalutan, at masa-
samang hangarin.
22 At may mga [a]lihim ding
pagsasabwatan, maging tulad
noong sinaunang panahon, alin-
sunod sa pagsasabwatan ng di-
yablo, sapagkat siya ang nagta-
tag ng lahat ng bagay na ito; oo,
ang nagpasimula ng pagpas-
lang, at mga gawain ng kadili-
man; oo, at kanya silang hinihila
sa kanilang leeg sa pamamagi-
tan ng de-ilong lubid, hanggang
sa maigapos niya sila ng kan-
yang matitibay na lubid mag-
pakailanman.
23 Sapagkat masdan, mga mi-
namahal kong kapatid, sinasa-
bi ko sa inyo na ang Panginoong
Diyos ay hindi gumagawa sa
kadiliman.
24 Hindi siya gumagawa ng
anumang bagay maliban na la-
mang kung para sa kapakanan
ng sanlibutan; sapagkat [a]mahal
niya ang sanlibutan, maging
ang kanyang sariling buhay ay
inialay niya upang mapalapit
ang [b]lahat ng tao sa kanya. Da-
hil dito, wala siyang inuutusan
na hindi sila makababahagi ng
kanyang kaligtasan.
25 Masdan, sumisigaw ba siya
sa sino man, sinasabing: Luma-
yo sa akin? Masdan, sinasabi ko
sa inyo, Hindi; kundi sinasabi
niya: [a]Magsilapit sa akin lahat
kayong nasa mga dulo ng mun-
do, [b]bumili ng gatas at pulot,
nang walang salapi at walang
bayad.
26 Masdan, nag-utos ba siya
sa sino man na lumabas sa sina-
goga, o lumabas sa mga bahay-
sambahan? Masdan, sinasabi ko
sa inyo, Hindi.
27 Nag-utos ba siya sa sino
man na hindi sila makababahagi
ng kanyang [a]kaligtasan? Mas-
dan, sinasabi ko sa inyo, Hindi;
kundi malaya niya itong [b]ibini-
bigay sa lahat ng tao; at inutu-
san niya ang kanyang mga tao

---

19*a* 3 Ne. 16:8–9; 20:27–28.
20*a* GBK Kapalaluan.
*b* 1 Ne. 13:29, 34. GBK Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan.
*c* Ez. 14:4.
*d* 1 Ne. 14:10; 22:23; Morm. 8:28.
*e* Morm. 9:7–8; 2 Ne. 9:28.
*f* Is. 3:15; 2 Ne. 13:15.
21*a* GBK Inggit.
22*a* GBK Lihim na Pagsasabwatan, Mga.
24*a* Juan 3:16.
*b* 3 Ne. 27:14–15.
25*a* Alma 5:33–35; 3 Ne. 9:13–14.
*b* Is. 55:1–2.
27*a* GBK Kaligtasan.
*b* Ef. 2:8; 2 Ne. 25:23.

na nararapat nilang hikayatin
ang lahat ng tao na [c]magsisi.
28 Masdan, nag-utos ba ang
Panginoon sa sino man na hindi
sila makababahagi ng kanyang
kabutihan? Masdan, sinasabi ko
sa inyo, Hindi; kundi [a]lahat ng
tao ay may pribilehiyo, ang isa
tulad ng iba, at walang pinag-
babawalan.
29 Ipinag-utos niyang hindi
dapat magkaroon ng [a]huwad na
pagkasaserdote; sapagkat mas-
dan, ang huwad na pagkasa-
serdote ay upang mangaral ang
mga tao at itayo ang kanilang
sarili bilang tanglaw ng sanli-
butan, upang makakuha sila ng
yaman at [b]papuri ng sanlibutan;
subalit hindi nila hinahangad
ang kapakanan ng Sion.
30 Masdan, ipinagbabawal ng
Panginoon ang bagay na ito; da-
hil dito, ang Panginoong Diyos
ay nagbigay ng isang kautusan
na dapat magkaroon ng [a]pag-
ibig sa kapwa ang lahat ng tao,
kung aling pag-ibig sa kapwa-
tao ay [b]pagmamahal. At kung
wala silang pag-ibig sa kapwa-
tao sila ay walang silbi. Dahil
dito, kung mayroon silang pag-
ibig sa kapwa-tao ay hindi nila
pahihintulutang masawi ang
manggagawa sa Sion.
31 Subalit ang manggagawa sa
[a]Sion ay gagawa para sa Sion;
sapagkat kung gagawa sila
para sa [b]salapi, sila ay masa-
sawi.
32 At muli, [a]ipinag-uutos ng
Panginoong Diyos na hindi da-
pat pumaslang ang mga tao; na
hindi sila dapat magsinunga-
ling; na hindi sila dapat magna-
kaw; na hindi nila dapat gamitin
ang pangalan ng Panginoon ni-
lang Diyos sa [b]walang kabulu-
han; na hindi sila dapat maing-
git; na hindi sila dapat magha-
ngad ng masama sa kapwa; na
hindi sila dapat makipagtalo sa
isa't isa; na hindi sila dapat gu-
mawa ng pagpapatutot; at hindi
nila dapat gawin ang alinman
sa mga bagay na ito; sapagkat
ang sino mang gagawa ng mga
yaon ay masasawi.
33 Sapagkat wala sa mga kasa-
maang ito ang nanggagaling sa
Panginoon; sapagkat ginagawa
niya ang yaong makabubuti sa
mga anak ng tao; at wala si-
yang ginagawa maliban sa ito
ay madaling maunawaan ng
mga anak ng tao; at inaanyaya-
han niya silang lahat na luma-
pit sa kanya at makibahagi sa
kanyang kabutihan; at wala
siyang [a]tinatanggihan sa mga
lumalapit sa kanya; maitim at
maputi, alipin at malaya, lalaki
at babae; at naaalaala niya ang
mga [b]di binyagan; at pantay-
pantay ang [c]lahat sa Diyos,
kapwa Judio at Gentil.

27*c* GBK Magsisi, Pagsisisi.
28*a* Rom. 2:11; 1 Ne. 17:33–35.
29*a* GBK Huwad na Pagkasaserdote.
*b* D at T 121:34–37.
30*a* Moro. 7:47–48. GBK Pag-ibig sa Kapwa-tao.
*b* GBK Pagmamahal.
31*a* GBK Sion.
*b* Jac. 2:17–19; D at T 11:7; 38:39.
32*a* GBK Kautusan ng Diyos, Mga.
*b* GBK Pagkawalang-galang.
33*a* Gawa 10:9–35, 44–45.
*b* Alma 26:37.
*c* Rom. 2:11; 1 Ne. 17:35.

## KABANATA 27

*Mababalutan ang mundo ng kadiliman at lubusang pagtalikod sa katotohanan sa mga huling araw—Ang Aklat ni Mormon ay lalabas—Tatlong saksi ang magpapatotoo sa aklat—Sasabihin ng taong marunong na hindi niya mababasa ang aklat na mahigpit na isinara—Gagawa ang Panginoon ng isang kagila-gilalas at kamangha-manghang gawain—Ihambing sa Isaias 29. Mga 559–545 B.C.*

Subalit masdan, sa mga [a]hu-
ling araw, o sa mga araw ng
mga Gentil—oo, masdan, lahat
ng bansa ng mga Gentil at ga-
yon din ng mga Judio, kapwa
yaong mga darating sa lupaing
ito at yaong mga nasa mga
ibang lupain, oo, maging sa la-
hat ng lupain sa mundo, mas-
dan, malalango sila sa kasama-
an at lahat ng uri ng karumal-
dumal na gawain—
2 At kapag dumating ang
araw na yaon, parurusahan sila
ng Panginoon ng mga Hukbo,
sa pamamagitan ng mga kulog
at lindol, at ng labis na kainga-
yan, at ng unos, at ng bagyo,
at sa pamamagitan ng [a]alab ng
nagniningas na apoy.
3 At lahat ng [a]bansang [b]ku-
makalaban sa Sion, at yaong
bumabagabag sa kanya, ay ma-
tutulad sa isang panaginip ng
isang pangitain sa gabi; oo,
magiging gayon ito sa kanila,
maging tulad ng isang taong
nagugutom na nananaginip, at
masdan kumakain siya subalit
siya ay nagising at walang la-
man ang kanyang kaluluwa; o
tulad ng isang taong nauuhaw
na nananaginip, at masdan umi-
inom siya subalit siya ay nagi-
sing at masdan nahihilo siya,
at gustong kumain ng kanyang
kaluluwa; oo, gayon din ang
mangyayari sa maraming tao
ng lahat ng bansang kumakala-
ban sa Bundok ng Sion.
4 Sapagkat masdan, lahat ka-
yong gumagawa ng kasamaan,
magsitigil kayo at manggilalas,
sapagkat kayo ay magsisiga-
wan, at mananangis; oo, mala-
lango kayo subalit hindi sa alak,
gigiray-giray kayo subalit hindi
sa matapang na inumin.
5 Sapagkat masdan, ibinuhos
ng Panginoon sa inyo ang diwa
ng mahimbing na pagkakatu-
log. Sapagkat masdan, ipinikit
ninyo ang inyong mga mata, at
itinakwil ninyo ang mga pro-
peta; at ang inyong mga taga-
pamahala, at ang mga tagakita
ay kanyang itinago dahil sa in-
yong kasamaan.
6 At ito ay mangyayari na isisi-
walat sa [a]inyo ng Panginoong
Diyos ang mga salita ng isang
[b]aklat, at ang mga ito ang mga
salita ng mga yaong nagsitulog.
7 At masdan, ang aklat ay
[a]tatatakan; at ang nasusulat sa

**27** 1*a* gbk Huling Araw, Mga.
2*a* Is. 24:6; 66:15–16; Jac. 6:3; 3 Ne. 25:1.
3*a* Is. 29:7–8.
*b* 1 Ne. 22:14.
6*a* Jar. 1:2; Morm. 5:12–13.
*b* 2 Ne. 26:16–17; 29:12. gbk Aklat ni Mormon.
7*a* Is. 29:11–12; Eter 3:25–27; 4:4–7.

aklat ay magiging [b]paghahayag
mula sa Diyos, mula sa simula
ng daigdig hanggang sa [c]kata-
pusan niyon.
8 Dahil dito, dahil sa mga ba-
gay na [a]mahigpit na isinara, ang
mga bagay na mahigpit na isina-
ra ay [b]hindi ibibigay sa araw ng
kasamaan at karumal-dumal na
gawain ng mga tao. Dahil dito,
itatago ang aklat mula sa kanila.
9 Subalit ang aklat ay ibibigay
sa isang [a]lalaki, at kanyang ibi-
bigay ang mga salita ng aklat, na
mga salita ng yaong nagsitulog
sa alabok, at ibibigay niya ang
mga salitang ito sa [b]iba;
10 Subalit ang mga salitang
mahigpit na isinara ay hindi
niya ibibigay, ni hindi niya ibi-
bigay ang aklat. Sapagkat ma-
higpit na isinara ang aklat ng
kapangyarihan ng Diyos, at
ang paghahayag na mahigpit
na isinara ay iingatan sa aklat
hanggang sa sumapit ang sari-
ling takdang panahon ng Pa-
nginoon, upang ang mga ito
ay lumabas; sapagkat masdan,
ipinahahayag ng mga ito ang
lahat ng bagay mula sa pagka-
katatag ng daigdig hanggang sa
katapusan niyon.
11 At darating ang araw na
ang mga salita ng aklat na ma-
higpit na isinara ay babasahin
sa mga bubungan; at ang mga
ito ay mababasa sa pamamagi-
tan ng kapangyarihan ni Cristo;
at ang lahat ng bagay ay [a]ipa-
hahayag sa mga anak ng tao
kung ano man ang nangyari na
sa mga anak ng tao, at kung ano
man ang mangyayari pa hang-
gang sa katapusan ng mundo.
12 Dahil dito, sa araw na yaon
kapag ang aklat ay ibibigay sa
lalaking yaon na aking sinabi,
itatago ang aklat sa paningin ng
sanlibutan, upang walang mga
mata ang makamamalas nito
maliban sa [a]tatlong [b]saksi na
makamamalas nito, sa pama-
magitan ng kapangyarihan ng
Diyos, bukod sa kanya kung
kanino ibibigay ang aklat; at
magpapatotoo sila sa katotoha-
nan ng aklat at ng mga bagay
na nilalaman niyon.
13 At wala nang ibang maka-
mamalas nito, maliban sa ilan
alinsunod sa kalooban ng Diyos,
upang magbigay ng patotoo sa
kanyang salita sa mga anak ng
tao; sapagkat ang Panginoong
Diyos ang nagsabi na ang mga
salita ng matatapat ay magsasa-
lita na para bang [a]mula sa patay.
14 Dahil dito, ang Panginoong
Diyos ay magpapatuloy na ipa-
hayag ang mga salita ng aklat;
at sa pamamagitan ng bibig
ng kasindami ng mga saksing
inaakala niyang makabubuti ay
pagtitibayin niya ang kanyang
salita; at sa aba niya na [a]tatang-
gi sa salita ng Diyos!
15 Subalit masdan, ito ay

7*b* Mos. 8:19.
*c* Eter 13:1–12.
8*a* Eter 5:1.
*b* 3 Ne. 26:9–12; Eter 4:5–6.
9*a* D at T 17:5–6.
*b* JS—K 1:64–65.
11*a* Lu. 12:3; Morm. 5:8; D at T 121:26–31.
12*a* 2 Ne. 11:3; Eter 5:2–4; D at T 5:11, 15; 17:1.
*b* Deut. 19:15.
13*a* 2 Ne. 3:19–20; 33:13–15; Moro. 10:27.
14*a* 2 Ne. 28:29–30; Eter 4:8.

mangyayari na sasabihin ng Panginoong Diyos sa kanya na pagbibigyan niya ng aklat: Kunin mo ang mga salitang ito na hindi mahigpit na isinara at ibigay ang mga ito sa ibang tao, upang maipakita niya ang mga yaon sa taong marunong, sinasabing: [a]Basahin ito, isinasamo ko sa iyo. At sasabihin ng marunong: Dalhin mo rito ang aklat, at babasahin ko yaon.

16 At ngayon, dahil sa papuri ng sanlibutan, at upang [a]makakuha ng yaman ay kanila itong sasabihin, at hindi para sa kaluwalhatian ng Diyos.

17 At sasabihin ng lalaki: Hindi ko madadala ang aklat, sapagkat ito ay mahigpit na isinara.

18 Pagkatapos sasabihin ng marunong: Hindi ko ito mababasa.

19 Dahil dito, ito ay mangyayari na muling ibibigay ng Panginoong Diyos ang aklat at ang mga salita niyon sa kanya na hindi marunong; at sasabihin ng lalaking hindi marunong: Hindi ako marunong.

20 Pagkatapos sasabihin sa kanya ng Panginoong Diyos: Hindi yaon mababasa ng marunong, sapagkat yaon ay tinanggihan niya, at may kakayahan akong gawin ang aking sariling gawain; dahil dito, babasahin mo ang mga salitang ibibigay ko sa iyo.

21 Huwag [a]galawin ang mga bagay na mahigpit na isinara, sapagkat ilalabas ko ang mga ito sa aking sariling takdang panahon; sapagkat isisiwalat ko sa mga anak ng tao na may kakayahan akong gawin ang aking sariling gawain.

22 Kaya nga, kapag nabasa mo na ang mga salitang aking iniutos sa iyo, at matanggap ang mga [a]saksing ipinangako ko sa iyo, saka mo tatakan muli ang aklat, at ikukubli iyon ayon sa akin, upang aking mapangalagaan ang mga salitang hindi mo nabasa, hanggang sa makita ko sa aking sariling karunungan na nararapat nang ipahayag ang lahat ng bagay sa mga anak ng tao.

23 Sapagkat masdan, ako ang Diyos; at ako ay Diyos ng mga [a]himala; at ipakikita ko sa mundo na ako ay [b]siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman; at hindi ako gumagawa sa mga anak ng tao maliban kung ito ay [c]naaayon sa kanilang pananampalataya.

24 At muli ito ay mangyayari na sasabihin ng Panginoon sa kanya na babasa sa mga salitang ibibigay sa kanya:

25 [a]Yayamang ang mga taong ito ay lumalapit sa akin sa pamamagitan ng bibig lamang, at [b]pinapupurihan ako ng kanilang mga labi, samantalang inilayo ang kanilang mga puso sa akin, at ang kanilang pagkata-

15*a* Is. 29:11–12; JS—K 1:65.
16*a* GBK Huwad na Pagkasaserdote.
21*a* Eter 5:1.
22*a* GBK Saksi sa Aklat ni Mormon, Mga.
23*a* GBK Himala.
*b* Heb. 13:8.
*c* Heb. 11; Eter 12:7–22.
25*a* Is. 29:13.
*b* Mat. 15:8.

kot sa akin ay itinuro ng mga [c]tuntunin ng tao—

26 Samakatwid, magpapatuloy akong gumawa ng [a]kagila-gilalas na gawain sa mga taong ito, oo, isang [b]kagila-gilalas at kamangha-manghang gawain, sapagkat ang karunungan ng kanilang matatalino at marurunong ay mapapawi, at ang pang-unawa ng kanilang mahinahon ay malilingid.

27 At sa [a]aba nila na nagsisihanap ng mga paraan upang ikubli nang malalim ang kanilang mga payo mula sa Panginoon! At ang kanilang mga gawain ay nasa dilim; at sinasabi nila: Sinong nakakikita sa atin, at sinong nakakikilala sa atin? At kanila ring sinasabi: Sa katunayan ang inyong pagbabaliktad ng mga bagay ay maipalalagay na luwad ng [b]magpapalayok. Subalit masdan, ipakikita ko sa kanila, wika ng Panginoon ng mga Hukbo, na nalalaman ko ang lahat ng kanilang gawain. Sapagkat masasabi ba ng likha sa lumikha sa kanya, hindi niya ako ginawa? O masasabi ba ng bagay na may anyo sa nag-anyo rito, wala siyang pang-unawa?

28 Subalit masdan, wika ng Panginoon ng mga Hukbo: Ipakikita ko sa mga anak ng tao na hindi baga sandaling-sandali na lamang at ang Libano ay magiging masaganang taniman; at ang masaganang taniman ay magiging tulad ng kagubatan.

29 [a]At sa araw na yaon ay maririnig ng bingi ang mga salita ng aklat, at makakikita ang mga mata ng bulag mula sa kalabuan at mula sa kadiliman.

30 At madaragdagan din ang [a]maaamo, at ang kanilang [b]kagalakan ay mag-iibayo sa Panginoon, at ang mga maralita sa mga tao ay magagalak sa Banal ng Israel.

31 Sapagkat tiyak na yamang buhay ang Panginoon ay makikita nila na ang [a]kakila-kilabot ay mawawalang-saysay, at ang manlilibak ay matutupok, at lahat ng gumagawa ng kasamaan ay malilipol;

32 At sila na [a]nagpapahamak ng kapwa sa pamamagitan ng salita, at naglalagay ng bitag para sa kanya na sumasaway sa [b]pintuang-bayan, at [c]isinasaisantabi ang matwid dahil sa bagay na walang kabuluhan.

33 Kaya nga, ganito ang wika ng Panginoon, na siyang tumubos kay Abraham, hinggil sa sambahayan ni Jacob: Hindi na ngayon mapapahiya si Jacob, ni hindi na ngayon mamumutla ang kanyang mukha.

34 Subalit kapag [a]nakita niya ang kanyang mga anak, na gawa ng aking mga kamay, sa piling niya, papupurihan nila ang aking pangalan, at papu-

25*c* 2 Ne. 28:31.
26*a* 1 Ne. 22:8; 2 Ne. 29:1–2. GBK Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo.
*b* Is. 29:14; 2 Ne. 25:17.
27*a* Is. 29:15.
*b* Jer. 18:6.
29*a* Is. 29:18.
30*a* GBK Maamo, Kaamuan.
*b* D at T 101:36.
31*a* Is. 29:20.
32*a* Lu. 11:54.
*b* Amos 5:10.
*c* 2 Ne. 28:16.
34*a* Is. 29:23–24.

purihan ang Banal ni Jacob, at
matatakot sa Diyos ng Israel.
35 Sila na [a]nagkamali sa diwa
ay makauunawa, at sila na bu-
mubulung-bulong ay [b]matututo ng doktrina.

## KABANATA 28

*Magtatayo ng maraming huwad na simbahan sa mga huling araw—Sila ay magtuturo ng mga mali, palalo, at mga hangal na doktrina—Lalaganap ang lubusang pagtalikod sa katotohanan dahil sa mga huwad na guro—Sinalanta ng diyablo ang mga puso ng tao—Magtuturo siya ng lahat ng uri ng mga maling doktrina. Mga 559–545 B.C.*

AT ngayon, masdan, aking mga kapatid, nagsalita ako sa inyo alinsunod sa Espiritung pumipilit sa akin; dahil dito, nalalaman kong tunay na kinakailangan itong mangyari.
2 At ang mga bagay na masusulat sa [a]aklat ay magiging labis na [b]mahalaga sa mga anak ng tao, at lalung-lalo na sa ating mga binhi na labi ng sambahayan ni Israel.
3 Sapagkat ito ay mangyayari na sa araw na yaon na ang mga [a]simbahang naitayo, at hindi sa Panginoon, kapag sinasabi ng isa sa iba: Masdan, ako, ako ay sa Panginoon; at sasabihin ng iba: Ako, ako ay sa Panginoon; at gayon ang sasabihin ng bawat isa na nagtayo ng mga simbahan, at hindi sa Panginoon—
4 At makikipagtalo sila sa isa't isa; at ang kani-kanilang mga saserdote ay magtatalu-talo, at magtuturo sila sa pamamagitan ng sarili nilang [a]kaalaman, at itatatwa ang Espiritu Santo, na nagbibigay ng pananalita.
5 At [a]itinatatwa nila ang [b]kapangyarihan ng Diyos, ang Banal ng Israel, at sinasabi nila sa mga tao: Makinig sa amin, at pakinggan ninyo ang aming tuntunin; sapagkat masdan, [c]wala nang Diyos ngayon, sapagkat nagawa na ng Panginoon at ng Manunubos ang kanyang gawain, at ibinigay na niya ang kanyang kapangyarihan sa tao;
6 Masdan, pakinggan ninyo ang aking tuntunin; kung sasabihin nila na may isang himalang ginagawa ang kamay ng Panginoon, huwag itong paniwalaan; sapagkat sa araw na ito ay hindi na siya Diyos ng mga [a]himala; tapos na ang kanyang gawain.
7 Oo, at marami ang magsasabi: [a]Magsikain, magsiinom, at magsipagsaya, sapagkat mamamatay tayo bukas; at ito ay makabubuti sa atin.
8 At marami rin ang magsasabi: Magsikain, magsiinom, at

35*a* 2 Ne. 28:14; D at T 33:4.
*b* Dan. 12:4.
**28** 2*a* GBK Aklat ni Mormon.
*b* 1 Ne. 13:34–42; 22:9; 3 Ne. 21:6.
3*a* 1 Cor. 1:10–13; 1 Ne. 22:23; 4 Ne. 1:25–29; Morm. 8:28, 32–38.
4*a* 2 Ne. 9:28.
5*a* 2 Ne. 26:20.
*b* 2 Tim. 3:5.
*c* Alma 30:28.
6*a* Morm. 8:26; 9:15–26.
7*a* 1 Cor. 15:32; Alma 30:17–18.

magsipagsaya; gayon pa man,
matakot sa Diyos—kanyang bi-
bigyan ng [a]katwiran ang pag-
gawa ng kaunting kasalanan;
oo, [b]magsinungaling nang ka-
unti, pagsamantalahan ang isa
dahil sa kanyang mga salita,
humukay ng [c]hukay para sa
iyong kapwa; walang masama
rito; at gawin ang lahat ng ba-
gay na ito, sapagkat bukas tayo
ay mamamatay; at kung tayo
man ay may kasalanan, haha-
gupitin tayo ng Diyos ng ilang
palo, at sa wakas tayo ay mali-
ligtas sa kaharian ng Diyos.
9 Oo, at marami ang magtu-
turo sa ganitong pamamaraan,
mali at palalo at mga [a]hangal na
[b]doktrina, at magiging mapag-
mataas sa kanilang mga puso,
at maghahanap ng kalaliman
upang ikubli ang kanilang mga
payo mula sa Panginoon; at
ang kanilang mga gawain ay
nasa dilim.
10 At ang [a]dugo ng mga banal
ay daraing mula sa lupa laban
sa kanila.
11 Oo, silang lahat ay naligaw
ng [a]landas; silang lahat ay na-
ging [b]makasalanan.
12 Dahil sa [a]kapalaluan, at da-
hil sa mga huwad na guro, at
maling doktrina, ang kanilang
mga simbahan ay naging tiwali,
at ang kanilang mga simbahan
ay mapagmataas; dahil sa ka-
palaluan sila ay naging mapag-
mataas.
13 [a]Ninanakawan nila ang mga
[b]maralita dahil sa kanilang mai-
inam na santuwaryo; ninana-
kawan nila ang mga maralita
dahil sa kanilang maiinam na
kasuotan; at hinahamak nila
ang maaamo at ang may maba-
bang kalooban, dahil sa kani-
lang [c]kapalaluan sila ay naging
mapagmataas.
14 [a]Matitigas ang kanilang mga
leeg at nakataas ang mga noo;
oo, at dahil sa kapalaluan, at ka-
samaan, at mga karumal-dumal
na gawain, at mga pagpapatu-
tot, at silang lahat ay [b]naligaw
maliban lamang sa iilan, na mga
mapagkumbabang tagasunod ni
Cristo; gayon pa man, naaakay
sila, kung kaya't sa maraming
pagkakataon sila ay nagkaka-
mali dahil sa naturuan sila ng
mga tuntunin ng tao.
15 O ang [a]matalino, at ang ma-
runong, at ang mayaman, na
mapagmataas sa [b]kapalaluan
ng kanilang mga puso, at lahat
ng yaong nangangaral ng mga
maling doktrina, at lahat ng ya-
ong gumagawa ng pagpapatu-
tot, at ililiigaw ang tamang
landas ng Panginoon, sa [c]aba, sa
aba, sa aba nila, wika ng Pa-
nginoong Diyos na Pinakama-
kapangyarihan, sapagkat itata-
pon sila sa impiyerno!

8*a* Morm. 8:31.
*b* D at T 10:25; Moi. 4:4. GBK Pagsisinungaling.
*c* Kaw. 26:27; 1 Ne. 14:3.
9*a* Ez. 13:3; Hel. 13:29.
*b* Mat. 15:9.
10*a* Apoc. 6:9–11; 2 Ne. 26:3; Morm. 8:27; Eter 8:22–24; D at T 87:7.
11*a* Hel. 6:31.
*b* Morm. 8:28–41; D at T 33:4.
12*a* Kaw. 28:25.
13*a* Ez. 34:8.
*b* Hel. 4:12.
*c* Alma 5:53.
14*a* Kaw. 21:4.
*b* Is. 53:6.
15*a* Kaw. 3:5–7.
*b* GBK Kapalaluan.
*c* 3 Ne. 29:5.

16 Sa aba nila na [a]nagsasaisan-
tabi ng matwid para sa isang
bagay na walang kabuluhan at
nanlalait ng yaong mabubuti; at
nagsasabing walang halaga ito!
Sapagkat darating ang araw
na biglang parurusahan ng Pa-
nginoong Diyos ang mga nani-
nirahan sa mundo; at sa araw
na yaon na [b]hinog na sila sa ka-
samaan ay lilipulin sila.
17 Subalit masdan, kung mag-
sisisi ang mga naninirahan sa
mundo sa kanilang kasamaan
at mga karumal-dumal na ga-
wain ay hindi sila lilipulin, wika
ng Panginoon ng mga Hukbo.
18 Subalit masdan, ang maka-
pangyarihan at karumal-dumal
na simbahang yaon, ang [a]patu-
tot ng buong mundo, ay tiyak na
[b]mabubuwal sa lupa, at tiyak na
napakalakas ng magiging pag-
bagsak niyon.
19 Sapagkat ang kaharian ng
diyablo ay tiyak na [a]mayaya-
nig, at sila na nabibilang dito
ay talagang kinakailangang pu-
kawin sa pagsisisi, o hahawakan
sila ng [b]diyablo sa pamamagitan
ng kanyang mga walang hang-
gang [c]tanikala, at pupukawin
sila sa pagkagalit, at masasawi;
20 Sapagkat masdan, sa araw
na yaon ay [a]sasalantahin niya
ang puso ng mga anak ng tao,
at pupukawin sila na magalit
laban sa yaong bagay na mabuti.
21 At gagawin niyang [a]paya-
pa ang iba, at dahan-dahan si-
lang aakayin tungo sa mahalay
na katiwasayan, na kanilang sa-
sabihin: Mainam ang lahat sa
Sion; oo, umuunlad ang Sion,
mainam ang lahat—at sa gayon
lilinlangin ng [b]diyablo ang kani-
lang mga kaluluwa, at maingat
silang aakayin pababa sa impi-
yerno.
22 At masdan, pupurihin niya
nang labis-labis ang iba, at sasa-
bihin sa kanila na walang [a]impi-
yerno; at sasabihin niya sa ka-
nila: Hindi ako diyablo, sapag-
kat walang diyablo—at ganito
ang ibinubulong niya sa kani-
lang mga tainga, hanggang sa
kanyang mahawakan sila ng
kanyang mga kakila-kilabot na
[b]tanikala, na kung saan ay wa-
lang kawala.
23 Oo, nahawakan sila ng ka-
matayan, at impiyerno; at ang
kamatayan, at ang impiyerno, at
ang diyablo, at lahat ng yaong
nahawakan niyon ay tiyak na
tatayo sa harapan ng trono ng
Diyos, at [a]hahatulan alinsunod
sa kanilang mga gawa, kung
saan sila ay patutungo sa da-
kong inihanda para sa kanila,
maging sa [b]lawa ng apoy at asu-
pre, na walang hanggang pag-
durusa.
24 Samakatwid, sa aba niya na
pabaya sa Sion!
25 Sa aba niya na sumisigaw
nang: Mainam ang lahat!

16*a* Is. 29:21.
*b* Eter 2:9–10.
18*a* Apoc. 19:2.
*b* 1 Ne. 14:3, 17.
19*a* 1 Ne. 22:23.
*b* Alma 34:35.
*c* Alma 12:11.
20*a* D at T 10:20–27.
21*a* Morm. 8:31.
*b* 2 Ne. 9:39.
22*a* GBK Impiyerno.
*b* Alma 36:18.
23*a* GBK Jesucristo—Hukom; Paghuhukom, Ang Huling.
*b* 2 Ne. 9:16, 19, 26.

26 Oo, sa aba niya na [a]nakiki-
nig sa mga tuntunin ng tao, at
nagtatatwa sa kapangyarihan
ng Diyos, at sa kaloob na Espi-
ritu Santo!
27 Oo, sa aba niya na nagsa-
sabing: Nakatanggap na kami,
at hindi na kami [a]nangangaila-
ngan pa ng dagdag!
28 At sa lalong maliwanag, sa
aba sa lahat ng yaong nangi-
nginig, at [a]nagagalit dahil sa
katotohanan ng Diyos! Sapag-
kat masdan, siya na nakatayo
sa malaking [b]bato ay tumatang-
gap nito nang may kagalakan; at
siya na nakatayo sa saligang bu-
hangin ay nanginginig na baka
sila mabuwal.
29 Sa aba niya na nagsasa-
bing: Natanggap na namin ang
salita ng Diyos, at [a]hindi na na-
min [b]kailangan pa ng salita ng
Diyos, sapagkat sapat na ang
kaalaman namin!
30 Sapagkat masdan, gani-
to ang wika ng Panginoong
Diyos: Magbibigay ako sa mga
anak ng tao ng taludtod sa [a]ta-
ludtod, ng tuntunin sa tuntu-
nin, kaunti rito at kaunti roon;
at pinagpala ang mga yaong
nakikinig sa aking mga tuntu-
nin, at ipahiram ang tainga sa
aking mga payo, sapagkat ma-
tututo sila ng [b]karunungan; sa-
pagkat siya na [c]tumatanggap
ay bibigyan ko pa ng [d]karagda-
gan; at mula sa kanila na nag-
sasabing mayroon na kaming
sapat, mula sa kanila ay kuku-
nin maging ang mga yaong
mayroon sila.
31 Sumpain siya na [a]nagtiti-
wala sa tao, o inaaring lakas
ang laman, o makikinig sa mga
tuntunin ng tao, maliban kung
ibinigay ang kanilang mga tun-
tunin sa pamamagitan ng ka-
pangyarihan ng Espiritu Santo.
32 Sa [a]aba sa mga Gentil, wika
ng Panginoong Diyos ng mga
Hukbo! Sapagkat kahit na la-
ging nakaunat sa kanila ang
aking [b]bisig sa araw-araw, ay
itatatwa nila ako; gayon pa
man, magiging maawain ako
sa kanila, wika ng Panginoong
Diyos, kung magsisisi sila at la-
lapit sa akin; sapagkat nakau-
nat ang aking bisig sa buong
maghapon, wika ng Pangino-
ong Diyos ng mga Hukbo.

## KABANATA 29

*Maraming Gentil ang tatanggi sa Aklat ni Mormon—Kanilang sasabihin, Hindi na namin kailangan pa ng karagdagang Biblia—Ang Panginoon ay nangungusap sa maraming bansa—Kanyang hahatulan ang sanlibutan mula sa mga aklat na isusulat. Mga 559–545 B.C.*

Ngunit masdan, magkakaroon
ng marami—sa araw na yaon

26*a* 2 Ne. 9:29.
27*a* Alma 12:10–11.
28*a* 2 Ne. 9:40; 33:5.
GBK Paghihimagsik.
*b* Mat. 7:24–27.
GBK Bato.
29*a* 2 Ne. 27:14;
Eter 4:8.
*b* 2 Ne. 29:3–10.
30*a* Is. 28:9–13;
D at T 98:12.
*b* GBK Karunungan.
*c* Lu. 8:18.
*d* Alma 12:10;
D at T 50:24.
31*a* D at T 1:19–20.
32*a* 1 Ne. 14:6.
*b* Jac. 5:47; 6:4.

kung kailan ako ay magpapatuloy na gagawa ng isang [a]kagila-gilalas na gawain sa kanila upang maalaala ko ang aking mga [b]tipan na aking ginawa sa mga anak ng tao, upang maihanda kong muli ang aking kamay sa [c]ikalawang pagkakataon upang mabawi ko ang aking mga tao, na kabilang sa sambahayan ni Israel;
2 At gayundin, upang maalaala ko ang aking mga pangakong ginawa sa iyo, Nephi, at gayundin sa iyong ama, upang maalaala ko ang iyong mga binhi; at nang ang mga [a]salita ng iyong mga binhi ay mamutawi mula sa aking bibig patungo sa iyong mga binhi; at ang aking mga salita ay [b]titimo hanggang sa mga dulo ng mundo, upang maging [c]sagisag ng aking mga tao, na kabilang sa sambahayan ni Israel;
3 At dahil ang aking mga salita ay titimo—Marami sa mga Gentil ang magsasabi: Isang [a]Biblia! Isang Biblia! Mayroon na kaming Biblia, at hindi na magkakaroon pa ng karagdagang Biblia.
4 Ngunit ganito ang wika ng Panginoong Diyos: O mga hangal, sila'y magkakaroon ng Biblia; at iyon ay manggagaling sa mga [a]Judio, na aking mga sinaunang pinagtipanang tao. At ano ang pasasalamatan nila sa mga [b]Judio sa [c]Biblia na kanilang tinanggap mula sa kanila? Oo, ano ang ibig sabihin ng mga Gentil? Naaalaala ba nila ang mga paghihirap, at ang mga pagpapapagal, at ang mga pasakit ng mga Judio, at ang kanilang pagsusumikap para sa akin, sa pagdadala ng kaligtasan sa mga Gentil?
5 O kayong mga Gentil, inyo bang naaalaala ang mga Judio, na aking mga sinaunang pinagtipanang tao? Hindi, kundi inyong isinumpa sila, at [a]kinamuhian sila, at hindi naghangad na sila ay mabawi. Ngunit masdan, ibabalik ko sa inyong sariling mga ulo ang lahat ng bagay na ito; sapagkat ako, ang Panginoon ay hindi nakalilimot sa aking mga tao.
6 Ikaw na hangal, na magsasabi: Isang [a]Biblia, mayroon na kaming Biblia, at hindi na namin kailangan pa ng karagdagang Biblia. Nagkaroon ba kayo ng Biblia maliban sa ito ay sa pamamagitan ng mga Judio?
7 Hindi ba ninyo alam na maraming bansa hindi lamang iisa? Hindi ba ninyo alam na ako, ang Panginoon ninyong Diyos, ang [a]lumikha sa lahat ng tao, at naaalaala ko yaong mga nasa

**29** 1*a* 2 Ne. 27:26. GBK Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo.
*b* GBK Tipang Abraham.
*c* 2 Ne. 6:14; 21:11–12; 25:17. GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
2*a* 2 Ne. 3:18–21.
*b* Is. 5:26; 2 Ne. 15:26; Moro. 10:28.
*c* 1 Ne. 21:22. GBK Sagisag.
3*a* 1 Ne. 13:23–25. GBK Biblia; Aklat ni Mormon.
4*a* D at T 3:16.
*b* GBK Judio, Mga.
*c* GBK Juda—Ang talaan ng Juda.
5*a* 3 Ne. 29:8.
6*a* 1 Ne. 13:38.
7*a* GBK Likha, Paglikha.

[b]pulo ng dagat; at na ako ang namamahala sa kalangitan sa itaas at sa lupa sa ibaba; at isinisiwalat ko ang aking salita sa mga anak ng tao, oo, maging sa lahat ng bansa sa mundo?

8 Dahil dito, bumulung-bulong kayo, dahil ba sa kayo ay tatanggap pa ng karagdagang salita ko? Hindi ba ninyo alam na ang patotoo ng [a]dalawang bansa ay [b]saksi sa inyo na ako nga ang Diyos, na naaalaala ko ang isang bansa gaya ng iba? Dahil dito, sinasabi ko ang mga gayon ding salita sa isang bansa gaya ng sa iba. At kapag ang dalawang [c]bansa ay susulong na magkasabay, ang patotoo ng dalawang bansa ay susulong ding magkasabay.

9 At ito ay ginagawa ko upang mapatunayan ko sa marami na ako [a]rin ang siyang kahapon, ngayon, at magpakailanman; at sinasabi ko ang aking mga salita alinsunod sa aking sariling kasiyahan. At sapagkat ako'y nakapagsabi na ng isang [b]salita ay hindi ninyo dapat akalain na hindi na ako muling magsasalita; sapagkat ang aking gawain ay hindi pa natatapos; ni hindi pa hanggang sa katapusan ng tao, ni sa simula ng panahong iyon at magpakailanman.

10 Dahil dito, sapagkat mayroon kayong Biblia ay hindi ninyo dapat akalain na yaon ay naglalaman na ng lahat kong [a]salita; ni hindi ninyo dapat akalain na ako ay hindi na magpapasulat pa ng karagdagan.

11 Sapagkat inuutusan ko ang [a]lahat ng tao, kapwa sa silangan at sa kanluran, at sa hilaga, at sa timog, at sa mga pulo ng dagat, na kanilang [b]isulat ang mga salitang aking sasabihin sa kanila; sapagkat mula sa mga [c]aklat na isusulat ay [d]hahatulan ko ang sanlibutan, bawat tao alinsunod sa kanyang mga gawa, alinsunod doon sa nasusulat.

12 Sapagkat masdan, magsasalita ako sa mga [a]Judio at kanilang isusulat ito; at magsasalita rin ako sa mga Nephita at kanilang [b]isusulat ito; at magsasalita rin ako sa ibang mga lipi ng sambahayan ni Israel, na aking inakay palayo, at kanilang isusulat ito; at ako ay magsasalita rin sa [c]lahat ng bansa sa mundo at kanilang isusulat ito.

13 At ito ay mangyayari na ang mga [a]Judio ay magkakaroon ng mga salita ng mga Nephita, at ang mga Nephita ay magkakaroon ng mga salita ng mga Judio; at ang mga Nephita at ang mga Judio ay magkaka-

7*b* 1 Ne. 22:4.
8*a* Ez. 37:15–20; 1 Ne. 13:38–41; 2 Ne. 3:12.
*b* Mat. 18:16. GBK Saksi.
*c* Os. 1:11.
9*a* Heb. 13:8.
*b* GBK Paghahayag.
10*a* GBK Banal na Kasulatan, Mga—Mga banal na kasulatan na iprinopesiyang lalabas.
11*a* Alma 29:8.
*b* 2 Tim. 3:16.
*c* GBK Aklat ng Buhay.
*d* 2 Ne. 25:22; 33:11, 14–15. GBK Paghuhukom, Ang Huling.
12*a* 1 Ne. 13:23–29.
*b* 1 Ne. 13:38–42; 2 Ne. 26:17.
*c* 2 Ne. 26:33.
13*a* Morm. 5:12–14.

roon ng mga salita ng mga [b]nawalang lipi ni Israel; at ang mga nawalang lipi ni Israel ay magkakaroon ng mga salita ng mga Nephita at ng mga Judio.

14 At ito ay mangyayari na ang aking mga tao, na nabibilang sa [a]sambahayan ni Israel, ay titipunin pauwi sa mga lupaing kanilang pag-aari; at ang aking salita ay matitipon din sa [b]isa. At ipakikilala ko sa kanila na makikipaglaban sa aking salita at laban sa aking mga tao, na nabibilang sa [c]sambahayan ni Israel, na ako ang Diyos, at na ako ay [d]nakipagtipan kay Abraham na aking aalalahanin ang kanyang mga [e]binhi [f]magpakailanman.

## KABANATA 30

*Ang nagbalik-loob na mga Gentil ay mabibilang sa mga pinagtipanang tao—Marami sa mga Lamanita at Judio ang maniniwala sa salita at magiging kaaya-aya—Ibabalik ang Israel at lilipulin ang masasama. Mga 559–545 B.C.*

At ngayon masdan, mga minamahal kong kapatid, mangungusap ako sa inyo; sapagkat ako, si Nephi, ay hindi tutulutang ipagpalagay ninyo na higit kayong mabubuti kaysa sa mga Gentil. Sapagkat masdan, maliban kung susundin ninyo ang mga kautusan ng Diyos kayong lahat ay masasawi rin; at dahil sa mga salitang sinabi ay hindi ninyo dapat ipagpalagay na lubusang malilipol ang mga Gentil.

2 Sapagkat masdan, sinasabi ko sa inyo, na kasindami ng mga Gentil na magsisisi ay mga [a]pinagtipanang tao ng Panginoon; at kasindami ng mga [b]Judio na hindi magsisisi ay itatakwil; sapagkat ang Panginoon ay hindi nakikipagtipan sa kanino man maliban sa kanila na [c]nagsisisi at naniniwala sa kanyang Anak, na siyang Banal ng Israel.

3 At ngayon, magpopropesiya pa ako kahit paano hinggil sa mga Judio at sa mga Gentil. Sapagkat matapos lumabas ang aklat na aking sinabi, at maisulat sa mga Gentil, at muling mahigpit na isinara ayon sa Panginoon, marami ang [a]maniniwala sa mga salitang nakasulat; at dadalhin [b]nila ang mga yaon sa mga labi ng ating mga binhi.

4 At doon malalaman ng mga labi ng ating mga binhi ang hinggil sa atin, kung paanong lumisan tayo mula sa Jerusalem, at na sila ay mga inapo ng mga Judio.

5 At ang ebanghelyo ni Jesucristo ay ihahayag sa [a]kani-

13*b* GBK Israel—Ang sampung nawawalang lipi ng Israel.
14*a* Jer. 3:17–18.
*b* Ez. 37:16–17.
*c* 1 Ne. 22:8–9.
*d* Gen. 12:1–3; 1 Ne. 17:40; 3 Ne. 20:27; Abr. 2:9. GBK Tipang Abraham.
*e* D at T 132:30.
*f* Gen. 17:7.
**30** 2*a* Gal. 3:26–29.
*b* Mat. 8:10–13. GBK Judio, Mga.
*c* GBK Magsisi, Pagsisisi.
3*a* 3 Ne. 16:6–7.
*b* 1 Ne. 22:8–9.
5*a* 3 Ne. 21:3–7, 24–26.

la; dahil dito, maibabalik [b]sila
sa [c]kaalaman ng kanilang mga
ama, at sa kaalaman din tung-
kol kay Jesucristo, na taglay ng
kanilang mga ama.
6 At pagkatapos sila ay ma-
gagalak; sapagkat malalaman
nila na pagpapala ito sa kanila
mula sa kamay ng Diyos; at
ang kaliskis ng kadiliman ay
magsisimulang mapawi mula
sa kanilang mga mata; at hindi
lilipas ang maraming salinlahi
sa kanila, maliban sa magiging
dalisay sila at mga [a]kaaya-
ayang tao.
7 At ito ay mangyayari na ang
mga [a]Judio na nakakalat ay
[b]magsisimula ring maniwala
kay Cristo; at magsisimula si-
lang magtipon sa ibabaw ng lu-
pain; at kasindami ng manini-
wala kay Cristo gayon din ay
magiging mga kaaya-ayang tao.
8 At ito ay mangyayari na sisi-
mulan ng Panginoong Diyos
ang kanyang gawain sa lahat ng
bansa, lahi, wika, at tao, upang
maisakatuparan ang panunum-
balik ng kanyang mga tao sa
mundo.
9 At sa kabutihan ay [a]hahatu-
lan ng [b]Panginoong Diyos ang
mga maralita, at hahatulan
nang may katwiran ang [c]maa-
amo ng mundo. At babagaba-
gin niya ang mundo sa pama-
magitan ng pamalo ng kanyang
bibig; at sa pamamagitan ng hi-
nga ng kanyang mga labi ay
papatayin niya ang masasama.
10 Sapagkat mabilis na dara-
ting ang [a]panahon na gagawa
ng malaking [b]paghahati ang
Panginoong Diyos sa mga tao,
at lilipulin ang masasama; at
[c]patatawarin niya ang kanyang
mga tao, oo, maging kung na-
rarapat na kanyang [d]lipulin
ang masasama sa pamamagi-
tan ng apoy.
11 At [a]katwiran ang magiging
bigkis ng kanyang baywang at
katapatan ang bigkis ng kan-
yang balakang.
12 At pagkatapos [a]maninira-
han ang lobo na kasama ng
kordero; at mahihiga ang leo-
pardo na kasiping ang batang
kambing, at ang guya, at ang
batang leon, at ang patabain
ay magkasamang manginginа-
in; at aakayin sila ng isang ma-
liit na bata.
13 At manginginain ang baka
at ang oso; at ang kanilang mga
anak ay sama-samang mahi-
higa; at kakain ng dayami ang
leon na tulad ng baka.
14 At ang pasusuhing bata ay
maglalaro sa lungga ng ahas, at
ipapasok ng sanggol na kaa-
awat pa lamang ang kanyang
kamay sa lungga ng ulupong.
15 At hindi sila mananakit ni
maninira sa lahat ng aking ba-

5*b* D at T 3:20.
*c* 1 Ne. 15:14; 2 Ne. 3:12; Morm. 7:1, 9–10.
6*a* D at T 49:24; 109:65.
7*a* 2 Ne. 29:13–14.
*b* 2 Ne. 25:16–17.
9*a* 2 Ne. 9:15.
*b* Is. 11:4–9.
*c* GBK Maamo, Kaamuan.
10*a* GBK Huling Araw, Mga.
*b* D at T 63:53–54.
*c* Moi. 7:61.
*d* 1 Ne. 22:15–17, 23. GBK Mundo—Paglilinis ng mundo.
11*a* Is. 11:5–9.
12*a* Is. 65:25. GBK Milenyo.

nal na bundok; sapagkat ma-
pupuno ang mundo ng kaala-
man tungkol sa Panginoon, tu-
lad ng pagkapuno ng tubig sa
karagatan.
16 Dahil dito, ipaaalam ang
mga lihim ng [a]lahat ng bansa;
oo, lahat ng bagay ay [b]ipaa-
alam sa mga anak ng tao.
17 Walang bagay na malilihim
maliban sa ito ay [a]ipahahayag;
walang gawain ng kadiliman
maliban sa ito ay ipakikita sa
liwanag; at walang bagay na
napipinid nang mahigpit sa
mundo maliban sa ito ay ma-
bubuksan.
18 Dahil dito, ang lahat ng ba-
gay na naipahayag na sa mga
anak ng tao ay ipahahayag sa
araw na yaon, at si Satanas ay
[a]mawawalan ng kapangyarihan
sa mga puso ng mga anak ng
tao, sa mahabang panahon. At
ngayon, mga minamahal kong
kapatid, tinatapos ko ang aking
mga sinasabi.

## KABANATA 31

*Sinabi ni Nephi kung bakit si Cristo ay bininyagan—Dapat sumunod ang tao kay Cristo, magpabinyag, tumanggap ng Espiritu Santo, at magtiis hanggang wakas upang maligtas—Pagsisisi at binyag ang pasukan sa makipot at makitid na landas—Buhay na walang hanggan ang mapapasalahat sa lahat ng yaong susunod sa mga kautusan pagkatapos ng binyag. Mga 559–545 B.C.*

At ngayon ako, si Nephi, ay ti-
natapos na ang aking [a]pagpo-
propesiya sa inyo, mga mina-
mahal kong kapatid. At ilang
bagay lamang ang maisusulat
ko, na alam kong tiyak na mang-
yayari; ni hindi ko maisusulat
maliban lamang sa ilan sa mga
salita ng aking kapatid na si
Jacob.
2 Samakatwid, ang mga bagay
na isinulat ko ay sapat na sa
akin, maliban sa ilang salita na
kailangan kong sabihin hinggil
sa [a]doktrina ni Cristo; samakat-
wid, ako ay magsasalita sa inyo
nang malinaw, alinsunod sa ka-
linawan ng aking pagpoprope-
siya.
3 Sapagkat ang aking kalu-
luwa ay nalulugod sa kali-
nawan; sapagkat sa ganitong
pamamaraan gumagawa ang
Panginoong Diyos sa mga anak
ng tao. Sapagkat ang Pangino-
ong Diyos ang [a]nagbibigay-
liwanag sa pang-unawa; sa-
pagkat siya ay nagsasalita sa
mga tao alinsunod sa kanilang
[b]wika, sa kanilang ikauunawa.
4 Samakatwid, nais kong in-
yong pakatandaan na nagsalita
ako sa inyo hinggil sa yaong
[a]propetang ipinakita sa akin ng
Panginoon, na siyang magbi-
binyag sa [b]Kordero ng Diyos, na
siyang mag-aalis ng mga kasa-
lanan ng sanlibutan.

16*a* D at T 101:32–35; 121:28–29.
*b* Eter 4:6–7.
17*a* D at T 1:2–3.
18*a* Apoc. 20:1–3; Eter 8:26.
**31** 1*a* 2 Ne. 25:1–4.
2*a* 2 Ne. 11:6–7.
3*a* GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo.
*b* D at T 1:24.
4*a* 1 Ne. 10:7; 11:27. GBK Juan Bautista.
*b* GBK Kordero ng Diyos.

5 At ngayon, kung ang Korde-
ro ng Diyos, siya na isang ba-
nal, ay kinakailangang [a]mabin-
yagan sa pamamagitan ng tu-
big, upang ganapin ang lahat ng
katwiran, O gaano pa kaya higit
na kinakailangan na tayong mga
hindi banal ay mabinyagan,
oo, maging sa pamamagitan ng
tubig!
6 At ngayon, magtatanong ako
sa inyo, mga minamahal kong
kapatid, paanong ang Kordero
ng Diyos ay gumanap sa lahat
ng katwiran sa pagpapabinyag
sa pamamagitan ng tubig?
7 Hindi ba ninyo nalalaman
na siya ay banal? Ngunit sa ka-
bila ng kanyang pagiging banal,
ipinakikita niya sa mga anak
ng tao na, ayon sa laman siya sa
kanyang sarili ay nagpapakum-
baba sa harapan ng Ama, at pi-
natototohanan sa Ama na siya
ay magiging [a]masunurin sa kan-
ya sa pagsunod ng kanyang mga
kautusan.
8 Samakatwid, matapos na
siya ay mabinyagan sa tubig
ang Espiritu Santo ay bumaba
na [a]tulad sa isang [b]kalapati sa
kanya.
9 At muli, iyon ay nagpapakita
sa mga anak ng tao ng kakipu-
tan ng landas, at ng kakitiran
ng [a]pasukan, na kanilang dapat
pasukin, siya na nagbigay ng
halimbawa sa harapan nila.
10 At sinabi niya sa mga anak
ng tao: [a]Sumunod kayo sa akin.
Kaya nga, mga minamahal kong
kapatid, [b]makasusunod ba tayo
kay Jesus maliban sa tayo ay
nakahandang sumunod sa mga
kautusan ng Ama?
11 At sinabi ng Ama: Magsisi
kayo, magsisi kayo, at magpa-
binyag sa pangalan ng Sinisinta
kong Anak.
12 At gayon din, ang tinig ng
Anak ay nangusap sa akin, nag-
sasabing: Siya na nabinyagan sa
aking pangalan, sa kanya ay
[a]ibibigay ng Ama ang Espiritu
Santo, katulad sa akin; samakat-
wid, [b]sumunod sa akin, at ga-
win ang mga bagay na nakita
ninyong ginawa ko.
13 Kaya nga, mga minamahal
kong kapatid, alam ko na kung
inyong susundin ang Anak,
nang may buong layunin ng
puso, nang walang pagkukun-
wari at walang panlilinlang sa
harapan ng Diyos, kundi may
tunay na hangarin, nagsisisi sa
inyong mga kasalanan, nagpa-
patotoo sa Ama na nahahanda
kayong taglayin sa inyong sari-
li ang pangalan ni Cristo, sa pa-
mamagitan ng [a]binyag—oo, sa
pamamagitan ng pagsunod sa
inyong Panginoon at inyong
Tagapagligtas doon sa tubig,
alinsunod sa kanyang salita,
masdan, pagkatapos ay inyong
tatanggapin ang Espiritu San-
to; oo, at pagkatapos darating

5*a* Mat. 3:11–17.
GBK Pagbibinyag, Binyagan.
7*a* Juan 5:30.
GBK Pagsunod, Masunurin, Sumunod.
8*a* 1 Ne. 11:27.
*b* GBK Kalapati, Tanda ng.
9*a* 2 Ne. 9:41;
3 Ne. 14:13–14;
D at T 22:4.
10*a* Mat. 4:19; 8:22; 9:9.
*b* Moro. 7:11;
D at T 56:2.
12*a* GBK Kaloob na Espiritu Santo.
*b* Lu. 9:57–62;
Juan 12:26.
13*a* Gal. 3:26–27.

ang [b]binyag ng apoy at ng Espi-
ritu Santo; at pagkatapos kayo
ay makapagsasalita ng [c]wika ng
mga anghel, at sisigaw ng pa-
puri sa Banal ng Israel.
14 Datapwat masdan, mga mi-
namahal kong kapatid, sa ganito
nangusap ang tinig ng Anak sa
akin, nagsasabing: Matapos na
kayo ay magsisi ng inyong mga
kasalanan, at nagpatotoo sa Ama
na kayo ay nahahandang sumu-
nod sa aking mga kautusan, sa
pamamagitan ng pagpapabin-
yag sa tubig, at tumanggap ng
binyag ng apoy at ng Espiritu
Santo, at nakapagsalita ng ba-
gong wika, oo, maging ng wika
ng mga anghel, at pagkaraan
nito ay [a]itatakwil ako, [b]maka-
bubuti pa sa inyo ang hindi
ninyo ako nakilala.
15 At narinig ko ang isang ti-
nig mula sa Ama, nagsasabing:
Oo, ang mga salita ng aking
Sinisinta ay tunay at tapat. Siya
na makapagtitiis hanggang wa-
kas, siya rin ay maliligtas.
16 At ngayon, mga minamahal
kong kapatid, nalalaman ko sa
pamamagitan nito na maliban sa
ang tao ay [a]magtiis hanggang
wakas, sa pagsunod sa [b]halimba-
wa ng Anak ng Diyos na buhay,
siya ay hindi maaaring maligtas.
17 Kaya nga, gawin ninyo ang
mga bagay na sinabi ko sa inyo
na nakita kong gagawin ng in-
yong Panginoon at inyong Ma-
nunubos; sapagkat sa ganitong
layunin ang mga yaon ay ipi-
nakita sa akin, upang malaman
ninyo ang pasukang inyong da-
pat pasukin. Sapagkat ang pa-
sukang inyong dapat pasukin
ay pagsisisi at [a]binyag sa pama-
magitan ng tubig; at pagkatapos
darating ang [b]kapatawaran ng
inyong mga kasalanan sa pama-
magitan ng apoy at ng Espiritu
Santo.
18 At pagkatapos, kayo ay nasa
[a]makipot at makitid na [b]landas
na patungo sa buhay na walang
hanggan; oo, kayo ay nakapasok
na sa pasukan; nagawa na nin-
yo ang alinsunod sa mga ka-
utusan ng Ama at ng Anak; at
inyong tinanggap ang Espiritu
Santo, na [c]sumasaksi sa Ama at
sa Anak, tungo sa katuparan ng
pangakong kanyang ginawa, na
kung kayo ay papasok sa daan
ay inyong tatanggapin.
19 At ngayon, mga minama-
hal kong kapatid, matapos na
kayo ay mapasamakipot at ma-
kitid na landas, itatanong ko
kung ang lahat ay [a]nagawa na?
Masdan, sinasabi ko sa inyo,
Hindi; sapagkat hindi pa kayo
nakalalapit maliban sa ito ay
sa pamamagitan ng salita ni
Cristo na may hindi matitinag

13*b* GBK Kaloob na Espiritu Santo; Apoy.
*c* 2 Ne. 32:2–3.
14*a* Mat. 10:32–33; Alma 24:30; D at T 101:1–5. GBK Walang Kapatawarang Kasalanan.
*b* 2 Ped. 2:21.
16*a* Alma 5:13; 38:2; D at T 20:29.
*b* GBK Jesucristo—Halimbawa ni Jesucristo.
17*a* Mos. 18:10. GBK Pagbibinyag, Binyagan.
*b* GBK Kapatawaran ng mga Kasalanan.
18*a* 1 Ne. 8:20.
*b* Kaw. 4:18. GBK Daan.
*c* Gawa 5:29–32.
19*a* Mos. 4:10.

na [b]pananampalataya sa kanya,
na [c]umaasa nang lubos sa mga
awa niya na makapangyarihang
magligtas.
20 Kaya nga, kinakailangan
kayong [a]magpatuloy sa pagla-
kad nang may katatagan kay
Cristo, na may ganap na kali-
wanagan ng [b]pag-asa, at [c]pag-
ibig sa Diyos at sa lahat ng tao.
Samakatwid, kung kayo ay mag-
papatuloy, nagpapakabusog
sa salita ni Cristo, at [d]magtitiis
hanggang wakas, masdan, ga-
nito ang wika ng Ama: Kayo ay
magkakaroon ng buhay na
walang hanggan.
21 At ngayon, masdan, mga
minamahal kong kapatid, ito
ang [a]daan; at [b]walang ibang
daan ni [c]pangalang ibinigay
sa silong ng langit upang ang
tao ay maligtas sa kaharian ng
Diyos. At ngayon, masdan, ito
ang [d]doktrina ni Cristo, at ang
tangi at tunay na doktrina ng
[e]Ama, at ng Anak, at ng Espiri-
tu Santo, na [f]isang Diyos, na
walang katapusan. Amen.

## KABANATA 32

*Ang mga anghel ay nangungusap sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo—Ang mga tao ay kinakailangang manalangin at magtamo ng kaalaman para sa kanilang sarili mula sa Espiritu Santo. Mga 559–545 B.C.*

AT ngayon, masdan, mga mi-
namahal kong kapatid, sa aking
pakiwari ay parang inyong bi-
nubulay-bulay pa sa inyong
mga puso ang hinggil sa mga
yaong nararapat ninyong gawin
pagkatapos na kayo ay makapa-
sok sa daan. Datapwat masdan,
bakit ninyo binubulay-bulay ang
mga bagay na ito sa inyong mga
puso?
2 Hindi ba ninyo natatanda-
an na sinabi ko sa inyo na maka-
raan ninyong [a]matanggap ang
Espiritu Santo na kayo ay ma-
kapagsasalita sa [b]wika ng mga
anghel? At ngayon, paano kayo
makapagsasalita sa wika ng
mga anghel maliban kung ito
ay sa pamamagitan ng Espiritu
Santo?
3 Ang mga [a]anghel ay nagsa-
salita sa pamamagitan ng ka-
pangyarihan ng Espiritu Santo;
anupa't, [b]nangungusap sila ng
mga salita ni Cristo. Samakat-
wid, sinabi ko sa inyo, magpa-
kabusog kayo sa mga salita ni
Cristo; sapagkat masdan, ang
mga salita ni Cristo ang magsa-
sabi sa inyo ng lahat ng bagay
na dapat ninyong gawin.
4 Samakatwid, ngayon mata-

19*b* GBK Pananampalataya.
*c* D at T 3:20.
20*a* GBK Lumakad, Lumakad na Kasama ng Diyos.
*b* GBK Pag-asa.
*c* GBK Pagmamahal.
*d* GBK Makapagtiis.
21*a* Gawa 4:10–12; 2 Ne. 9:41; Alma 37:46; D at T 132:22, 25.
*b* Mos. 3:17.
*c* GBK Jesucristo—Taglayin ang pangalan ni Jesucristo sa atin.
*d* Mat. 7:28; Juan 7:16–17.
*e* GBK Diyos, Panguluhang Diyos.
*f* 3 Ne. 11:27, 35–36. GBK Pagkakaisa.
**32** 2*a* 3 Ne. 9:20.
*b* 2 Ne. 31:13.
3*a* GBK Anghel, Mga.
*b* Jer. 15:16.

pos kong sabihin ang mga salitang ito, kung hindi ninyo naunawaan ang mga ito, iyan ay dahil sa hindi kayo [a]humihingi, ni kayo ay kumakatok; kaya nga, hindi kayo nadadala sa liwanag, kundi tiyak na masasawi sa kadiliman.
5 Sapagkat masdan, muli kong sinasabi sa inyo na kung kayo ay papasok sa daan, at tatanggapin ang Espiritu Santo, iyon ang magbibigay-alam sa inyo ng lahat ng bagay na nararapat ninyong gawin.
6 Masdan, ito ang doktrina ni Cristo, at wala nang doktrinang ibibigay pa hanggang sa siya ay [a]magpakita ng kanyang sarili sa inyo sa laman. At kapag siya ay nagpakita na ng kanyang sarili sa inyo sa laman, ang mga bagay na sasabihin niya sa inyo ay inyong gawin.
7 At ngayon, ako, si Nephi, ay hindi na makasasalita pa; pinipigil ng Espiritu ang aking pagsasalita, at ako ay naiwan upang magdalamhati dahil sa [a]kawalang-paniniwala, at sa kasamaan, at sa kamangmangan, at sa katigasan ng leeg ng mga tao; sapagkat ayaw nilang magsaliksik ng kaalaman, ni makaunawa ng dakilang kaalaman, samantalang ibinibigay ito sa kanila nang buong [b]linaw, maging kasinglinaw ng isang salita.
8 At ngayon, mga minamahal kong kapatid, nadarama kong nagbubulay-bulay pa kayo sa inyong mga puso; at nakalulungkot iyon sa akin na ako ay kinakailangang magsalita hinggil sa bagay na ito. Sapagkat kung kayo ay makikinig sa Espiritung nagtuturo sa tao na [a]manalangin, malalaman ninyong kinakailangan kayong manalangin; sapagkat ang [b]masamang espiritu ay hindi nagtuturo sa tao na manalangin, sa halip nagtuturo sa kanya na huwag siyang manalangin.
9 Ngunit masdan, sinasabi ko sa inyo na kinakailangan kayong laging [a]manalangin, at huwag manghina; na huwag ninyong isasagawa ang anumang bagay sa Panginoon maliban sa kayo ay mananalangin muna sa Ama sa [b]pangalan ni Cristo, upang kanyang ilaan ang inyong pagganap sa kanya, nang ang inyong pagganap ay maging para sa [c]kapakanan ng inyong mga kaluluwa.

## KABANATA 33

*Ang mga salita ni Nephi ay totoo—Ang mga ito ay nagpapatotoo kay Cristo—Yaong naniniwala kay Cristo ay maniniwala sa mga salita ni Nephi, na siyang tatayo bilang saksi sa harapan ng hukumang-luklukan. Mga 559–545 B.C.*

AT ngayon ako, si Nephi, ay hindi maisusulat ang lahat ng

4*a* GBK Humingi.
6*a* 3 Ne. 11:8.
7*a* GBK Kawalang-paniniwala.
*b* 2 Ne. 31:2–3; Jac. 4:13.
8*a* GBK Panalangin.
*b* Mos. 4:14. GBK Diyablo.
9*a* 3 Ne. 20:1; D at T 75:11.
*b* Moi. 5:8.
*c* Alma 34:27.

bagay na itinuro sa aking mga
tao; ni ako ay hindi [a]magaling
sa pagsusulat, na tulad sa pag-
sasalita; sapagkat kapag ang
isang tao ay [b]nagsasalita sa pa-
mamagitan ng kapangyarihan
ng Espiritu Santo, ang kapang-
yarihan ng Espiritu Santo ang
nagdadala nito sa puso ng mga
anak ng tao.
2 Datapwat masdan, marami
ang [a]pinatitigas ang kanilang
mga puso laban sa Banal na Es-
piritu, kaya hindi ito magkaro-
on ng puwang sa kanila, anu-
pa't kanilang itinapon ang mga
bagay na naisulat at itinuring
yaon na mga bagay na walang
kabuluhan.
3 Datapwat ako, si Nephi, ay
isinulat na ang aking naisulat, at
itinuturing ko ito na may mala-
king [a]kahalagahan, at lalung-lalo
na sa aking mga tao. Sapagkat
ako ay patuloy na [b]dumadala-
ngin para sa kanila sa araw, at
nababasa ng luha ang aking
unan sa gabi, dahil sa kanila; at
ako ay sumasamo sa aking
Diyos nang may pananampala-
taya, at alam kong diringgin niya
ang aking pagsusumamo.
4 At alam kong ilalaan ng Pa-
nginoong Diyos ang aking mga
dalangin para sa kapakinaba-
ngan ng aking mga tao. At ang
mga salitang aking isinulat sa
kahinaan ay [a]palalakasin para
sa kanila; sapagkat ito ay [b]hu-
mihikayat sa kanila na gumawa
ng mabuti; ipinaaalam nito sa
kanila ang tungkol sa kanilang
mga ama; at ito ay nangungusap
tungkol kay Jesus, at hinihi-
kayat silang maniwala sa kanya,
at magtiis hanggang wakas,
na siyang buhay na [c]walang
hanggan.
5 At ito ay nagsasalita nang
[a]marahas laban sa kasalanan,
alinsunod sa [b]kalinawan ng ka-
totohanan; anupa't walang ta-
ong magagalit sa mga salitang
aking isinulat maliban sa siya
ay sa espiritu ng diyablo.
6 Ako ay nagpupuri sa kalina-
wan; ako ay nagpupuri sa kato-
tohanan; ako ay nagpupuri sa
aking Jesus, sapagkat kanyang
[a]tinubos ang aking kaluluwa
mula sa impiyerno.
7 May [a]pag-ibig ako sa aking
mga tao, at malaking pananam-
palataya kay Cristo na matatag-
puan ko ang maraming kalulu-
wa na walang bahid-dungis sa
kanyang hukumang-luklukan.
8 May pag-ibig ako sa mga [a]Ju-
dio—Sinasabi kong Judio, dahil
ang ibig kong tukuyin ay sila
na galing sa aking pinagmulan.
9 May pag-ibig din ako sa mga
[a]Gentil. Ngunit masdan, wala sa
mga ito ang maaasahan ko ma-

**33** 1*a* Eter 12:23–24.
*b* D at T 100:7–8.
2*a* Hel. 6:35–36.
3*a* GBK Banal na Kasulatan, Mga—Kahalagahan ng mga banal na kasulatan.
*b* Enos 1:9–12; S ni M 1:8.
4*a* Eter 12:26–27.
*b* Moro. 7:13.
*c* GBK Buhay na Walang Hanggan.
5*a* 1 Ne. 16:1–3; 2 Ne. 9:40.
*b* 2 Ne. 31:3; Jac. 4:13.
6*a* GBK Tubos, Tinubos, Pagtubos.
7*a* GBK Pag-ibig sa Kapwa-tao.
8*a* GBK Judio, Mga.
9*a* GBK Gentil, Mga.

liban kung sila ay [b]makipagka-
sundo kay Cristo, at pumasok
sa [c]makitid na pasukan at [d]lu-
makad sa [e]makipot na landas
patungo sa buhay, at magpatu-
loy sa landas hanggang sa wa-
kas ng araw ng pagsubok.
10 At ngayon, mga minama-
hal kong kapatid, at gayundin
sa mga Judio, at lahat kayong
nasa mga dulo ng mundo, ma-
kinig sa mga salitang ito at
[a]maniwala kay Cristo; at kung
hindi kayo naniniwala sa mga
salitang ito ay maniwala kay
Cristo. At kung maniniwala
kayo kay Cristo ay maniniwala
kayo sa [b]mga salitang ito, sa-
pagkat ang mga salitang ito ay
mga [c]salita ni Cristo, at kan-
yang ibinigay ang mga ito sa
akin; at ang mga ito ay [d]nagtu-
turo sa lahat ng tao na narara-
pat silang gumawa ng mabuti.
11 At kung ang mga ito ay
hindi mga salita ni Cristo, ha-
tulan ninyo—sapagkat ipaki-
kita ni Cristo sa inyo, sa [a]ka-
pangyarihan at dakilang kalu-
walhatian, na ang mga ito ay
kanyang mga salita, sa huling
araw; at kayo at ako ay ha-
rap-harapang tatayo sa hara-
pan ng kanyang [b]hukuman at
malalaman ninyo na ako ay
inutusan niyang isulat ang mga
bagay na ito sa kabila ng aking
kahinaan.
12 At ako ay dumadalangin sa
Ama sa pangalan ni Cristo, na
ang marami sa atin, kung hindi
man lahat, ay maligtas sa kan-
yang [a]kaharian sa dakila at hu-
ling araw na yaon.
13 At ngayon, mga minama-
hal kong kapatid, lahat kayo na
nabibilang sa sambahayan ni
Israel, at lahat kayo na nasa
mga dulo ng mundo, nagsasali-
ta ako sa inyo gaya ng tinig ng
isang [a]sumisigaw mula sa ala-
bok: Paalam hanggang sa duma-
ting ang dakilang araw na yaon.
14 At kayong hindi makikiba-
hagi sa kabaitan ng Diyos, at
gumagalang sa mga [a]salita ng
mga Judio, at gayundin sa aking
mga [b]salita, at sa mga salitang
mamumutawi sa bibig ng Kor-
dero ng Diyos, masdan, mag-
papaalam ako sa inyo ng wa-
lang hanggang pamamaalam,
sapagkat ang mga salitang ito
ang [c]hahatol sa inyo sa huling
araw.
15 Sapagkat kung ano ang
aking tinatakan sa lupa, ay da-
dalhin laban sa inyo sa [a]huku-
mang-luklukan; sapagkat gayon
ang iniutos ng Panginoon sa
akin, at kinakailangan kong su-
munod. Amen.

---

9*b* GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala.
*c* 2 Ne. 9:41.
*d* GBK Lumakad, Lumakad na Kasama ng Diyos.
*e* Hel. 3:29–30; D at T 132:22.
10*a* GBK Paniniwala, Maniwala.
*b* GBK Aklat ni Mormon.
*c* Moro. 10:27–29.
*d* 2 Ne. 25:28.
11*a* Eter 5:4; Moro. 7:35.
*b* Apoc. 20:12; Moro. 10:34.
12*a* GBK Kaluwalhatiang Selestiyal.
13*a* Is. 29:4; 2 Ne. 26:16.
14*a* GBK Biblia.
*b* GBK Aklat ni Mormon.
*c* 2 Ne. 29:11; Eter 4:8–10.
15*a* S ni M 1:11.

# Ang Aklat ni Jacob

ANG KAPATID NI NEPHI

Ang mga salita ng kanyang pangangaral sa kanyang mga kapatid. Nilito niya ang isang lalaking naghahangad na lupigin ang doktrina ni Cristo. Ilang salita hinggil sa kasaysayan ng mga tao ni Nephi.

## KABANATA 1

*Hinangad nina Jacob at Jose na hikayating maniwala ang mga tao kay Cristo at sundin ang kanyang mga kautusan—Si Nephi ay namatay—Namayani ang kasamaan sa mga Nephita. Mga 544–421* B.C.

SAPAGKAT masdan, ito ay
nangyari na, na limampu at
limang taon na ang lumipas
mula ng panahong nilisan ni
Lehi ang Jerusalem; samakat-
wid, ibinigay ni Nephi sa akin,
kay [a]Jacob, ang isang [b]kautusan
hinggil sa [c]maliliit na lamina,
kung saan ang mga bagay na
ito ay nakaukit.
2 At ibinigay niya sa akin, kay
Jacob, ang isang kautusan na da-
pat kong isulat sa mga laminang
ito ang ilan sa mga bagay na
inaakala kong pinakamahala-
ga; na hindi ko dapat talakayin,
maliban kung bahagya lamang,
ang hinggil sa kasaysayan ng
mga taong ito na tinatawag na
mga tao ni Nephi.
3 Sapagkat sinabi niya na ang
kasaysayan ng kanyang mga tao
ay dapat iukit sa isa pa niyang
mga lamina, at na dapat kong
ingatan ang mga laminang ito,
at ipasa ang mga ito sa aking
mga binhi, sa bawat sali't salin-
lahi.
4 At kung may mga panga-
ngaral na banal, o paghahayag
na dakila, o pagpropesiya, na
dapat kong iukit ang mahaha-
lagang paksa nito sa mga lami-
nang ito, at talakayin ang mga
ito hangga't maaari, alang-alang
kay Cristo, at para sa kapakanan
ng aming mga tao.
5 Sapagkat dahil sa pananam-
palataya at sa labis na pag-
aalaala, tunay na ipinaalam sa
amin ang hinggil sa aming mga
tao, kung ano man ang mga ba-
gay na [a]mangyayari sa kanila.
6 At nagkaroon din kami ng
maraming paghahayag, at ng
diwa ng labis na pagpoprope-
siya; anupa't nalalaman namin
ang tungkol kay [a]Cristo at sa
kanyang kahariang darating.
7 Samakatwid, masigasig ka-
ming gumagawa sa aming mga
tao, upang mahikayat namin si-
lang [a]lumapit kay Cristo, at ma-
kibahagi sa kabutihan ng Diyos,
upang makapasok sila sa kan-

[JACOB]
**1** 1*a* GBK Jacob, Anak ni Lehi.
*b* Jac. 7:27.
*c* 2 Ne. 5:28–33; Jac. 3:13–14. GBK Lamina, Mga.
5*a* 1 Ne. 12.
6*a* 1 Ne. 10:4–11; 19:8–14.
7*a* 2 Ne. 9:41; Omni 1:26; Moro. 10:32.

yang [b]kapahingahan, na baka
dahil sa anumang kadahilanan
ay magsusumpa siya sa kan-
yang kapootan na hindi sila
[c]makapapasok, tulad sa [d]pag-
papagalit sa mga araw ng pa-
nunukso habang ang mga anak
ni Israel ay nasa [e]ilang.
8 Anupa't hangad namin sa
Diyos na aming mahikayat ang
lahat ng tao na huwag [a]maghi-
magsik laban sa Diyos, upang
[b]galitin siya, kundi na ang lahat
ng tao ay maniwala kay Cristo,
at isaalang-alang ang kanyang
kamatayan, at batahin ang kan-
yang [c]krus at tiisin ang kahihi-
yan ng sanlibutan; kaya nga,
ako, si Jacob, ay tinanggap sa
sarili na sundin ang kautusan
ng aking kapatid na si Nephi.
9 Ngayon, si Nephi ay nagsi-
mulang tumanda, at nadama
niyang malapit na siyang [a]ma-
matay; kaya nga, [b]nagtalaga siya
ng isang lalaki upang maging
hari at tagapamahala sa kan-
yang mga tao sa ngayon, alin-
sunod sa mga paghahari ng mga
[c]hari.
10 Sa labis na pagmamahal na
iniukol ng mga tao kay Nephi,
siya na naging dakilang taga-
pagtanggol nila, na nagwasiwas
ng [a]espada ni Laban sa pagta-
tanggol sa kanila, at nagpagal
nang buong panahon niya para
sa kanilang kapakanan—
11 Anupa't labis na naghangad
ang mga tao na panatilihin sa
kanilang alaala ang kanyang
pangalan. At sino man ang hu-
maliling kapalit niya ay tinata-
wag ng mga tao na ikalawang
Nephi, ikatlong Nephi, at ga-
yon na nga, alinsunod sa mga
paghahari ng mga hari; at sa
gayon sila tinawag ng mga tao,
hayaan kung ano mang panga-
lan ang naisin nila.
12 At ito ay nangyari na, na
namatay si Nephi.
13 Ngayon, ang mga taong
hindi mga [a]Lamanita ay mga
[b]Nephita; gayon pa man, tina-
wag silang mga Nephita, Jaco-
beo, Josefita, [c]Zoramita, Lama-
nita, Lemuelita, at Ismaelita.
14 Subalit ako, si Jacob, ay
hindi sila kikilalanin mula nga-
yon sa mga ganitong pangalan,
kundi [a]tatawagin ko silang mga
Lamanita na naghahangad na li-
pulin ang mga [b]tao ni Nephi, at
yaong malalapit kay Nephi ay
tatawagin kong mga [c]Nephita, o
ang mga tao ni Nephi, alinsunod
sa mga paghahari ng mga hari.
15 At ngayon ito ay nangyari
na, na ang mga tao ni Nephi, sa
ilalim ng paghahari ng pangala-
wang hari, ay nagsimulang ma-

7*b* GBK Kapahingahan.
*c* Blg. 14:23;
Deut. 1:35–37;
D at T 84:23–25.
*d* Heb. 3:8.
*e* Blg. 26:65;
1 Ne. 17:23–31.
8*a* GBK Paghihimagsik.
*b* 1 Ne. 17:30;
Alma 12:36–37;
Hel. 7:18.
*c* PJS, Mat. 16:25–26;
Lu. 14:27.
9*a* 2 Ne. 1:14.
*b* GBK Pagpapahid
ng Langis.
*c* 2 Ne. 6:2; Jar. 1:7.
10*a* 1 Ne. 4:9; 2 Ne. 5:14;
S ni M 1:13;
Mos. 1:16;
D at T 17:1.
13*a* Enos 1:13;
D at T 3:18.
*b* GBK Nephita, Mga.
*c* 1 Ne. 4:35;
4 Ne. 1:36–37.
14*a* Mos. 25:12;
Alma 2:11.
*b* 2 Ne. 4:11.
*c* 2 Ne. 5:9.

ging matigas sa kanilang mga
puso, at nagpasasa sila sa ma-
sasamang gawa, tulad ni David
noon na naghahangad ng ma-
raming [a]asawa at mga kalunya,
at gayon din si Solomon na kan-
yang anak.
16 Oo, at nagsimula rin silang
maghanap ng maraming ginto
at pilak, at nagsimulang uma-
ngat nang bahagya sa kapala-
luan.
17 Anupa't ako, si Jacob, ay
ipinahayag sa kanila ang mga
salitang ito habang tinuturuan
ko sila sa [a]templo, matapos
kong matanggap ang aking
[b]tungkulin mula sa Panginoon.
18 Sapagkat ako, si Jacob, at
ang aking kapatid na si Jose ay
[a]itinalagang mga saserdote at
guro ng mga taong ito, ng ka-
may ni Nephi.
19 At tinupad namin ang aming
mga [a]tungkulin sa Panginoon,
sa pagtanggap ng [b]pananagu-
tan, sa pagsagot sa mga kasala-
nan ng mga tao sa aming sari-
ling mga ulo kung hindi namin
sila tuturuan ng salita ng Diyos
nang buong pagsusumigasig;
anupa't sa pamamagitan ng
puspusang pangangaral ay hin-
di marurumihan ng kanilang
[c]dugo ang aming mga kasuo-
tan; kung hindi ay marurumi-
han ng kanilang mga dugo ang
aming mga kasuotan, at hindi
kami matatagpuang walang ba-
hid-dungis sa huling araw.

## KABANATA 2

*Binatikos ni Jacob ang pagmamahal sa kayamanan, kapalaluan, at karumihang puri—Maaaring maghangad ang tao ng kayamanan upang matulungan ang kanilang kapwa—Isinumpa ni Jacob ang walang pahintulot na pagsasagawa ng maramihang pag-aasawa—Ang Panginoon ay nalulugod sa kalinisang puri ng kababaihan. Mga 544–421 B.C.*

ANG mga salitang sinabi ni Ja-
cob, kapatid ni Nephi, sa mga
tao ni Nephi, matapos ang pag-
panaw ni Nephi:
2 Ngayon, mga minamahal
kong kapatid, ako, si Jacob,
alinsunod sa pananagutan kung
saan ako ay napapasailalim sa
Diyos, na tuparin ang aking
tungkulin nang mataimtim, at
upang malinis ko ang aking
mga kasuotan sa mga kasala-
nan ninyo, ako ay nagtungo sa
templo sa araw na ito upang
ipahayag sa inyo ang salita ng
Diyos.
3 At nalalaman na rin ninyo na
noon pa ay masigasig na ako
sa aking tungkulin; subalit sa
panahong ito ako ay labis na
nabibigatan dahil sa aking labis
na paghahangad at pag-aalaala
para sa kapakanan ng inyong
mga kaluluwa kaysa noon.
4 Sapagkat masdan, sa ngayon,
naging masunurin kayo sa salita

15*a* D at T 132:38–39.
17*a* 2 Ne. 5:16.
GBK Templo, Bahay ng Panginoon.
*b* GBK Tawag, Tinawag ng Diyos, Pagkakatawag.
18*a* 2 Ne. 5:26.
19*a* GBK Katungkulan, Pinuno.
*b* D at T 107:99–100.
GBK Katiwala, Ipinagkatiwala.
*c* 2 Ne. 9:44.

ng Panginoon, na aking ibinigay
sa inyo.
5 Subalit masdan, makinig
kayo sa akin, at malaman na
sa pamamagitan ng tulong ng
makapangyarihang Lumikha ng
langit at lupa ay maaari kong
sabihin sa inyo ang hinggil sa
inyong mga [a]iniisip, kung pa-
anong nagsisimula kayong ma-
ging makasalanan, kung aling
kasalanan ay labis na karumal-
dumal sa paningin ko, oo, at
karumal-dumal sa Diyos.
6 Oo, ipinagdadalamhati ito
ng aking kaluluwa at nanliliit
ako sa kahihiyan sa harapan ng
aking Lumikha, na kinakaila-
ngan kong magpatotoo sa inyo
hinggil sa kasamaan ng inyong
mga puso.
7 At labis ko ring ipinagdada-
lamhati na kinakailangan akong
gumamit ng [a]matalim na pana-
nalita hinggil sa inyo, sa hara-
pan ng inyong mga asawa at ng
inyong mga anak, marami sa
kanilang mga damdamin ay
labis na mapagmahal at [b]dali-
say at maselan sa harapan ng
Diyos, kung aling bagay ay ka-
siya-siya sa Diyos;
8 At inaakala kong nagtungo
sila rito upang makinig sa kasi-
ya-siyang [a]salita ng Diyos, oo,
ang salitang humihilom sa su-
gatang kaluluwa.
9 Kaya nga, nahihirapan ang
aking kaluluwa na ako'y mapi-
litang magsalita, dahil sa ma-
higpit na kautusang aking ti-
nanggap mula sa Diyos, na ba-
laan kayo alinsunod sa inyong
mabibigat na kasalanan, upang
palakihin ang mga sugat ng
mga yaong nasugatan na, sa
halip na paginhawain at pahi-
lumin ang kanilang mga sugat;
at yaong mga hindi pa nasusu-
gatan, sa halip na magpakabu-
sog sa kasiya-siyang salita ng
Diyos ay saksakin ng balaraw
ang kanilang mga kaluluwa at
sugatan ang kanilang masese-
lang pag-iisip.
10 Subalit, sa kabila ng kalaki-
han ng gawain, kinakailangang
gawin ko ang naaayon sa ma-
higpit na [a]ipinag-uutos ng Diyos,
at sabihin sa inyo ang hinggil sa
inyong kasamaan at mga karu-
mal-dumal na gawain, sa hara-
pan ng yaong may mga dalisay
na puso, at bagbag na puso, at
sa ilalim ng sulyap ng [b]matalim
na mata ng Pinakamakapang-
yarihang Diyos.
11 Anupa't kinakailangang sa-
bihin ko sa inyo ang katotoha-
nan alinsunod sa [a]kalinawan ng
salita ng Diyos. Sapagkat mas-
dan, nang nagtanong ako sa
Panginoon, ganito ang salitang
dumating sa akin, sinasabing:
Jacob, magtungo ka sa templo
bukas, at ipahayag ang salitang
aking ibibigay sa iyo sa mga ta-
ong ito.
12 At ngayon masdan, aking
mga kapatid, ito ang salitang
ipahahayag ko sa inyo, na mara-
mi sa inyo ang nagsisimulang

**2** 5*a* Alma 12:3; D at T 6:16. GBK Diyos, Panguluhang Diyos.
7*a* D at T 121:43.
*b* GBK Kabaitan.
8*a* Alma 31:5.
10*a* GBK Kautusan ng Diyos, Mga.
*b* 2 Ne. 9:44.
11*a* 2 Ne. 25:4; 31:2–3.

maghanap ng ginto, at ng pilak,
at lahat ng uri ng mahahalagang
inang [a]mina, kung saan ang lu-
paing ito, na isang [b]lupang pa-
ngako sa inyo at sa inyong mga
binhi, ay lubhang sagana.
13 At ang mapagpalang kamay
ay buong kasiyahang nginitian
kayo, kung kaya't nakatanggap
kayo ng maraming kayamanan;
at dahil ang ilan sa inyo ay nag-
tamo nang higit na marami
kaysa sa inyong mga kapatid,
kayo ay [a]iniangat sa kapalalu-
an ng inyong mga puso, at nag-
papatigas ng inyong mga leeg
at nagtataas ng mga ulo dahil
sa kamahalan ng inyong pana-
namit, at hinahamak ang inyong
mga kapatid sapagkat inaakala
ninyo na kayo ay nakahihigit
kaysa sa kanila.
14 At ngayon, aking mga ka-
patid, sa akala ba ninyo ang
Diyos ay pawawalang-sala kayo
sa bagay na ito? Masdan, sina-
sabi ko sa inyo, Hindi. Kundi
isinusumpa niya kayo, at kung
kayo ay magpupumilit sa mga
bagay na ito, ang kanyang mga
paghahatol ay tiyak na mada-
ling sasapit sa inyo.
15 O kung kanyang ipakikita
sa inyo na kaya niya kayong
duruin, at sa isang sulyap ng
kanyang mata ay maaari niya
kayong bagabagin hanggang
sa maging alabok!
16 O kung kanyang pawawa-
lan kayo mula sa kasamaang ito
at karumal-dumal na gawain.
At, O kung makikinig kayo sa
salita na kanyang ipinag-uutos,
at huwag hayaang wasakin ng
inyong [a]mapagpalalong puso
ang inyong mga kaluluwa!
17 Ituring ang inyong mga ka-
patid nang tulad sa inyong sa-
rili, at maging malapit sa lahat
at mapagbigay sa inyong [a]pag-
aari, upang yumaman [b]silang
tulad ninyo.
18 Subalit bago kayo magha-
nap ng mga [a]kayamanan, hana-
pin muna ninyo ang [b]kaharian
ng Diyos.
19 At matapos kayong makata-
mo ng pag-asa kay Cristo kayo
ay makatatamo ng mga kaya-
manan, kung inyo itong haha-
napin; at hahanapin ninyo ito
para sa hangaring [a]gumawa ng
kabutihan—upang damitan ang
hubad, at pakainin ang nagugu-
tom, at palayain ang bihag, at
bigyang-ginhawa ang may ka-
ramdaman, at ang naghihirap.
20 At ngayon, aking mga kapa-
tid, nagsalita ako sa inyo hing-
gil sa kapalaluan; at ang ilan sa
inyo na nagpahirap sa inyong
kapwa, at hinamak siya dahil sa
kapalaluan ng inyong puso, sa
mga bagay na ibinigay sa inyo
ng Diyos, ano ang masasabi
ninyo rito?
21 Hindi ba ninyo ipinalala-
gay na ang mga gayong bagay

12*a* 1 Ne. 18:25; Hel. 6:9–11; Eter 10:23.
*b* 1 Ne. 2:20. GBK Lupang Pangako.
13*a* Morm. 8:35–39.
16*a* GBK Kapalaluan.
17*a* GBK Limos, Paglilimos; Kapakanan.
*b* 4 Ne. 1:3.
18*a* 1 Hari 3:11–13; Mar. 10:17–27; 2 Ne. 26:31; D at T 6:7. GBK Kayamanan.
*b* Lu. 12:22–31.
19*a* Mos. 4:26.

ay karumal-dumal sa kanya na lumikha sa lahat ng tao? At ang bawat nilikha ay magkakasinghalaga sa kanyang paningin. At ang lahat ng tao ay mula sa alabok; at sa gayon ding layunin kanya silang nilikha, na dapat nilang sundin ang kanyang mga [a]kautusan at papurihan siya magpakailanman.

22 At ngayon tinatapos ko ang aking sinasabi sa inyo hinggil sa kapalaluang ito. At kung hindi lamang kinakailangang magsalita ako sa inyo hinggil sa higit na mabigat na kasalanan, labis na magsasaya ang aking puso dahil sa inyo.

23 Subalit pinahihirapan ako ng salita ng Diyos dahil sa higit na mabibigat ninyong kasalanan. Sapagkat masdan, ganito ang wika ng Panginoon: Ang mga taong ito ay nagsisimulang mabuhay sa kasalanan; hindi nila nauunawaan ang mga banal na kasulatan, sapagkat hinahangad nilang pangatwiranan ang kanilang sarili sa paggawa ng mga pagpapatutot, dahil sa mga bagay na nasusulat hinggil kay David, at kay Solomon na kanyang anak.

24 Masdan, tunay na sina David at [a]Solomon ay maraming [b]asawa at kalunya, kung aling bagay ay karumal-dumal sa aking harapan, wika ng Panginoon.

25 Anupa't ganito ang wika ng Panginoon, inakay ko ang mga taong ito palabas ng lupain ng Jerusalem, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng aking bisig, upang makapagbangon ako ng isang [a]mabuting sanga mula sa bunga ng balakang ni Jose.

26 Kaya nga, ako ang Panginoong Diyos ay hindi pahihintulutan ang mga taong ito na gawin ang tulad ng ginawa nila noon.

27 Kung gayon, aking mga kapatid, makinig sa akin, at makinig sa mga salita ng Panginoon: Sapagkat walang sino mang lalaki sa inyo ang magkakaroon maliban sa [a]isang asawa; at hindi siya magkakaroon ng mga kalunya;

28 Sapagkat ako, ang Panginoong Diyos, ay nalulugod sa [a]kalinisang puri ng mga babae. At ang pagpapatutot ay karumal-dumal sa aking harapan; ganito ang wika ng Panginoon ng mga Hukbo.

29 Samakatwid, susundin ng mga taong ito ang aking mga kautusan, wika ng Panginoon ng mga Hukbo, o [a]susumpain ang lupain dahil sa kanila.

30 Sapagkat kung loloobin ko, wika ng Panginoon ng mga Hukbo, na magbangon ng mga [a]binhi sa akin, ay uutusan ko ang aking mga tao; kung hindi ay makikinig sila sa mga bagay na ito.

21*a* D at T 11:20; Abr. 3:25–26.
24*a* 1 Hari 11:1; Neh. 13:25–27.
*b* 1 Hari 11:1–3; Ezra 9:1–2; D at T 132:38–39.
25*a* Gen. 49:22–26; Amos 5:15; 2 Ne. 3:5; Alma 26:36. GBK Lehi, Ama ni Nephi.
27*a* D at T 42:22; 49:16. GBK Kasal, Pagpapakasal.
28*a* GBK Kalinisang-puri.
29*a* Eter 2:8–12.
30*a* Mal. 2:15; D at T 132:61–66.

31 Sapagkat masdan, ako, ang Panginoon, ay nakita ang kalungkutan, at narinig ang pagdadalamhati ng mga anak na babae ng aking mga tao sa lupain ng Jerusalem, oo, at sa lahat ng lupain ng aking mga tao, dahil sa kasamaan at mga karumal-dumal na gawain ng kanilang mga asawa.

32 At hindi ko pahihintulutan, wika ng Panginoon ng mga Hukbo, na ang panangis ng mga kaaya-ayang anak na babae ng mga taong ito, na aking inakay palabas ng lupain ng Jerusalem, ay makarating sa akin laban sa kalalakihan ng aking mga tao, wika ng Panginoon ng mga Hukbo.

33 Sapagkat hindi nila madadalang bihag ang mga anak na babae ng aking mga tao dahil sa sila ay mapagmahal, kundi ay akin silang parurusahan ng masidhing sumpa, maging hanggang sa pagkalipol; sapagkat hindi sila gagawa ng [a]pagpapatutot, tulad nila noon, wika ng Panginoon ng mga Hukbo.

34 At ngayon, masdan, aking mga kapatid, nalalaman ninyo na ang mga kautusang ito ay ibinigay sa ating ama, si Lehi; kaya nga, alam na ninyo ang mga yaon noong una pa; at nakarating kayo sa masidhing sumpa; sapagkat ginawa ninyo ang mga bagay na ito na hindi ninyo dapat ginawa.

35 Masdan, nakagawa kayo ng [a]higit na kasamaan kaysa sa mga Lamanita, na ating mga kapatid. Sinaktan ninyo ang mga puso ng inyong mga mapagmahal na asawa, at nawala ang tiwala ng inyong mga anak, dahil sa inyong masasamang halimbawa sa kanila; at ang mga hinaing ng kanilang mga puso ay nakararating sa Diyos laban sa inyo. At dahil sa kahigpitan ng salita ng Diyos, na tumutuligsa sa inyo, maraming puso ang namatay, nasugatan nang malalim.

## KABANATA 3

*Ang may mga pusong dalisay ay tinatanggap ang kasiya-siyang salita ng Diyos—Ang kabutihan ng mga Lamanita ay humigit pa kaysa sa mga Nephita—Si Jacob ay nagbabala laban sa pangangalunya, kahalayan, at lahat ng kasalanan. Mga 544–421* B.C.

SUBALIT masdan, ako, si Jacob, ay magsasalita sa inyo na may mga pusong dalisay. Umasa sa Diyos nang may katatagan ng pag-iisip, at manalangin sa kanya nang may labis na pananampalataya, at kanya kayong aaluin sa inyong mga paghihirap, at kanyang isasamo ang inyong kapakanan, at magpapataw ng katarungan sa mga yaong naghahangad ng inyong pagkalipol.

2 O kayong lahat na may dalisay na puso, itaas ninyo ang inyong mga ulo at tanggapin ang kasiya-siyang salita ng Diyos, at

33*a* GBK Mahalay, Kahalayan; Seksuwal na Imoralidad.
35*a* Jac. 3:5–7.

magpakabusog sa kanyang pagmamahal; sapagkat maaari ninyong gawin ito, kung [a]matatag ang inyong mga isipan, magpakailanman.

3 Subalit sa aba, sa aba, sa inyo na hindi mga dalisay ang puso, na sa ngayon ay [a]marurumi sa harapan ng Diyos; sapagkat maliban kung magsisisipagsisi kayo ang lupain ay masusumpa dahil sa inyo; at ang mga Lamanita, na hindi maruruming tulad ninyo, gayon pa man sila ay [b]isinumpa ng masidhing sumpa, ay pahihirapan kayo maging tungo sa pagkalipol.

4 At madaling darating ang panahon, na maliban kung magsisipagsisi kayo, ay aangkinin nila ang lupaing inyong pamana, at [a]aakaying palayo ng Panginoong Diyos ang mabubuti mula sa inyo.

5 Masdan, ang mga Lamanita na inyong mga kapatid, na inyong kinapopootan dahil sa kanilang karumihan at sa sumpang sumapit sa kanilang mga balat, ay higit na mabubuti kaysa sa inyo; sapagkat hindi nila [a]nalilimutan ang kautusan ng Panginoon, na ibinigay sa ating ama—na sila ay nararapat magkaroon maliban sa isang asawa lamang, at hindi nararapat na magkaroon ng mga kalunya, at hindi gagawa ng pagpapatutot sa kanila.

6 At ngayon, kanilang sinusunod ang kautusang ito, anupa't sa pagtupad na ito, sa pagsunod sa kautusang ito, sila ay hindi lilipulin ng Panginoong Diyos, kundi magiging [a]maawain sa kanila; at darating ang araw na sila ay magiging mga pinagpalang tao.

7 Masdan, [a]mahal ng kalalakihan ang kanilang mga asawa, at mahal ng kababaihan ang kanilang mga asawa; at mahal ng mga ama at ina ang kanilang mga anak; at ang kanilang kawalang-paniniwala at kapootan sa inyo ay dahil sa kasamaan ng kanilang mga ama; kung gayon, gaano kayo kabuti kaysa sa kanila, sa paningin ng inyong dakilang Lumikha?

8 O aking mga kapatid, ako ay natatakot na maliban sa kayo ay magsipagsisi ng inyong mga kasalanan na ang kanilang mga balat ay magiging mas maputi pa kaysa sa inyo, kapag kayo ay dadalhing kasama nila sa harapan ng trono ng Diyos.

9 Anupa't ako ay nagbibigay sa inyo ng isang kautusan, na salita ng Diyos, na huwag na ninyong laitin pa sila dahil sa kaitiman ng kanilang mga balat; ni ang sila ay laitin dahil sa kanilang karumihan; kundi alalahanin ang inyong sariling karumihan, at tandaan na ang kanilang karumihan ay dahil sa kanilang mga ama.

10 Samakatwid, alalahanin ninyo ang inyong mga [a]anak, kung paano ninyo sinaktan ang kani-

**3** 2*a* Alma 57:26–27.
3*a* GBK Marumi, Karumihan.
*b* 1 Ne. 12:23.
4*a* Omni 1:5–7, 12–13.
5*a* Jac. 2:35.
6*a* 2 Ne. 4:3, 6–7; Hel. 15:10–13.
7*a* GBK Mag-anak; Pagmamahal.
10*a* GBK Bata, Mga Bata.

lang mga puso dahil sa halimbawang inyong ipinakita sa kanila; at gayon din, pakatandaan na maaari ninyo, dahil sa inyong karumihan, dalhin ang inyong mga anak sa pagkalipol, at ipapataw sa mga ulo ninyo ang kanilang mga kasalanan sa huling araw.

11 O aking mga kapatid, pakinggan ang aking mga salita; gisingin ang mga kakayahan ng inyong mga kaluluwa; tigatigin ang inyong sarili upang [a]magising mula sa pagkakahimbing ng kamatayan; at magsitakas kayo mula sa pasakit ng [b]impiyerno upang kayo ay hindi maging mga [c]anghel sa diyablo, upang itapon sa yaong lawa ng apoy at asupre na ikalawang [d]kamatayan.

12 At ngayon ako, si Jacob, ay nangusap ng marami pang bagay sa mga tao ni Nephi, binalaan sila laban sa [a]pangangalunya at [b]kahalayan, at lahat ng uri ng kasalanan, sinasabi sa kanila ang kakila-kilabot na ibubunga ng mga yaon.

13 At ang ika-isandaang bahagi ng pangyayari sa mga taong [a]ito, na ngayon ay nagsisimula nang dumami, ay hindi maisusulat sa mga laminang ito; subalit marami sa mga nangyari sa kanila ang nasusulat sa malalaking lamina, at ang kanilang mga digmaan, at ang kanilang mga alitan, at ang paghahari ng kanilang mga hari.

14 Ang mga laminang ito ay tinatawag na mga lamina ni Jacob, at ito ay ginawa ng mga kamay ni Nephi. At nagtatapos ako sa pangungusap ng mga salitang ito.

## KABANATA 4

*Ang lahat ng propeta ay sumamba sa Ama sa pangalan ni Cristo—Ang pag-aalay ni Abraham kay Isaac ay kahalintulad ng Diyos at ng kanyang Bugtong na Anak—Kinakailangang ipagkasundo ng mga tao ang kanilang sarili sa Diyos sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala—Tatanggihan ng mga Judio ang saligang bato. Mga 544–421 B.C.*

NGAYON masdan, ito ay nangyari na, na ako, si Jacob, matapos mangaral nang husto sa aking mga tao sa salita, at hindi ko maisusulat maliban sa maliit na bahagi ng aking mga salita dahil sa kahirapan ng pag-uukit ng aming salita sa mga lamina at nalalaman namin na ang mga bagay na aming isinusulat sa mga lamina ay kinakailangang manatili;

2 Subalit anuman ang aming isusulat sa alinmang bagay maliban sa mga lamina ay masisira at mawawala; subalit makasusulat kami ng ilang salita sa mga lamina, na makapagbibigay sa aming mga anak, at gayon din sa aming mga minamahal na

11*a* Alma 5:6–9.
*b* GBK Impiyerno.
*c* 2 Ne. 9:8–9.
*d* GBK Kamatayan, Espirituwal na.
12*a* GBK Pangangalunya.
*b* GBK Pagnanasa; Masama, Kasamaan.
13*a* 1 Ne. 19:1–4; Jac. 1:1–4.

kapatid, ng kaunting kaalaman
hinggil sa amin, o hinggil sa ka-
nilang mga ama—
3 Ngayon, kami ay nagsasaya
sa bagay na ito; at masigasig
kaming gumagawa upang mai-
ukit ang mga salitang ito sa mga
lamina, umaasang tatanggapin
ang mga yaon ng aming mga
minamahal na kapatid at aming
mga anak nang may pasasala-
mat sa kanilang mga puso, at sa-
saliksikin ang mga yaon upang
malaman nila nang may kaga-
lakan at hindi sa kalungkutan,
ni paghamak, ang hinggil sa ka-
nilang mga unang magulang.
4 Sapagkat, sa layuning ito
kaya isinulat namin ang mga
bagay na ito, upang kanilang
malaman na [a]alam namin ang
tungkol kay Cristo, at nagkaro-
on kami ng pag-asa sa kanyang
kaluwalhatian maraming da-
ang taon bago pa ang kanyang
pagparito; at hindi lamang kami
ang nagkaroon ng pag-asa sa
aming sarili sa kanyang kalu-
walhatian, kundi maging ang la-
hat ng banal na [b]propetang na-
una sa amin.
5 Masdan, sila ay naniwala kay
Cristo at [a]sinamba ang Ama sa
kanyang pangalan, at amin ding
sinasamba ang Ama sa kanyang
pangalan. At sa hangaring ito
kaya namin sinusunod ang mga
[b]batas ni Moises, [c]itinuturo ang
aming mga kaluluwa sa kanya;
at sa kadahilanang ito pinaba-
nal ito sa amin para sa kabuti-
han, maging tulad ng pagsa-
saalang-alang kay Abraham sa
ilang upang maging masunu-
rin sa mga utos ng Diyos sa
pag-aalay ng kanyang anak na
si Isaac, na isang kahalintulad
ng Diyos at ng kanyang [d]Bug-
tong na Anak.
6 Anupa't aming sinasaliksik
ang mga propeta, at marami
kaming mga paghahayag at
diwa ng [a]propesiya; at taglay
ang lahat ng [b]patotoong ito
kami ay nagtamo ng pag-asa, at
ang aming pananampalataya
ay naging matatag, kung kaya
nga't tunay na [c]nakapag-uutos
kami sa [d]pangalan ni Jesus at
sinusunod kami maging ng mga
punungkahoy, o ng mga bun-
dok, o ng mga alon sa dagat.
7 Gayon pa man, ipinaaalam sa
amin ng Panginoong Diyos ang
aming [a]kahinaan upang mala-
man namin na dahil sa kanyang
biyaya, at kanyang dakilang
pagpapakababa sa mga anak ng
tao, kung kaya't may kapangya-
rihan kaming gawin ang mga
bagay na ito.
8 Masdan, dakila at kagila-
gilalas ang mga gawain ng
Panginoon. O [a]kayhirap tarukin

**4** 4*a* GBK Jesucristo.
*b* Lu. 24:25–27; Jac. 7:11; Mos. 13:33–35; D at T 20:26.
5*a* Moi. 5:8.
*b* 2 Ne. 25:24; Jar. 1:11; Mos. 13:27, 30; Alma 25:15–16. GBK Batas ni Moises, Mga.
*c* Gal. 3:24.
*d* Gen. 22:1–14; Juan 3:16–18. GBK Bugtong na Anak.
6*a* GBK Propesiya, Pagpopropesiya.
*b* GBK Saksi.
*c* GBK Kapangyarihan.
*d* Gawa 3:6–16; 3 Ne. 8:1.
7*a* Eter 12:27.
8*a* Rom. 11:33–36.

ang kalaliman ng kanyang mga
[b]hiwaga; at hindi maaaring ma-
laman ng tao ang lahat ng kan-
yang pamamaraan. At walang
sino man ang [c]nakaaalam ng
kanyang mga [d]pamamaraan
maliban kung ipahahayag ito
sa kanya; kaya nga, mga kapa-
tid, huwag hamakin ang mga
paghahayag ng Diyos.
9 Sapagkat masdan, sa pama-
magitan ng kapangyarihan ng
kanyang [a]salita ay nalikha ang
[b]tao sa ibabaw ng mundo, kung
aling mundo ay nilikha sa pa-
mamagitan ng kapangyarihan
ng kanyang salita. Anupa't kung
ang Diyos ay may kakayahang
magsalita at ang daigdig ay na-
likha, at nagsalita at nalikha ang
tao, O ngayon, bakit hindi ma-
gagawang utusan ang [c]mundo,
o ang likha ng kanyang mga
kamay sa ibabaw nito, alinsu-
nod sa kanyang kalooban at ka-
siyahan?
10 Kaya nga, mga kapatid,
huwag hangaring [a]pagpayuhan
ang Panginoon, kundi tumang-
gap ng payo mula sa kanyang
kamay. Sapagkat masdan, kayo
na rin sa inyong sarili ay nala-
lamang nagpapayo siya sa [b]ka-
runungan, at sa katarungan, at
sa dakilang pagkaawa, sa lahat
ng kanyang gawa.
11 Kung gayon, mga minama-
hal na kapatid, makipagkasun-
do sa kanya sa pamamagitan ng
[a]pagbabayad-sala ni Cristo, ang
kanyang [b]Bugtong na Anak, at
maaaring matamo ninyo ang
[c]pagkabuhay na mag-uli, alin-
sunod sa kapangyarihan ng
pagkabuhay na mag-uli na na
kay Cristo, at ihahandog bilang
mga [d]unang bunga ni Cristo sa
Diyos, na may pananampalata-
ya, at magtamo ng mabuting
pag-asa sa kaluwalhatian na
nasa kanya bago niya ipakita
ang sarili sa laman.
12 At ngayon, mga minama-
hal, huwag mamanghang sina-
sabi ko sa inyo ang mga bagay
na ito; sapagkat bakit hindi tayo
[a]mangungusap tungkol sa pag-
babayad-sala ni Cristo, at mag-
karoon ng ganap na kaalaman
tungkol sa kanya, tulad ng pag-
kakaroon ng kaalaman tungkol
sa pagkabuhay na mag-uli, at ng
susunod na daigdig?
13 Masdan, aking mga kapatid,
siya na nagpopropesiya, hayaan
siyang magpropesiya sa ikau-
unawa ng tao; sapagkat ang
[a]Espiritu ay nagsasabi ng kato-
tohanan at hindi nagsisinunga-
ling. Anupa't nagsasabi ito ng
mga bagay kung [b]ano talaga ang
mga ito, at mga bagay kung ano
talaga ang magiging ito; kaya
nga, ipinaalam sa amin ang mga

8*b* D at T 19:10; 76:114. GBK Hiwaga ng Diyos, Mga.
*c* 1 Cor. 2:9–16; Alma 26:21–22. GBK Kaalaman.
*d* Is. 55:8–9.
9*a* Morm. 9:17; Moi. 1:32.
*b* GBK Likha, Paglikha; Tao, Mga Tao.
*c* Hel. 12:8–17.
10*a* 2 Ne. 9:28–29; Alma 37:12, 37; D at T 3:4, 13.
*b* Karunungan.
11*a* GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala.
*b* Heb. 5:9.
*c* GBK Pagkabuhay na Mag-uli.
*d* Mos. 15:21–23; 18:9; Alma 40:16–21.
12*a* 2 Ne. 25:26.
13*a* GBK Espiritu Santo; Katotohanan.
*b* D at T 93:24.

bagay na ito nang [c]malinaw,
para sa kaligtasan ng ating mga
kaluluwa. Subalit masdan, hindi
kami nag-iisang mga saksi sa
mga bagay na ito; sapagkat si-
nabi rin yaon ng Diyos sa mga
propeta noon.
14 Subalit masdan, ang mga
Judio ay mga taong [a]matitigas
ang leeg; at [b]hinamak nila ang
mga salita ng kalinawan, at pi-
natay ang mga propeta, at nag-
hangad ng mga bagay na hindi
nila maunawaan. Samakatwid,
dahil sa kanilang [c]pagkabulag,
kung aling pagkabulag na ito
ay dumating sa pamamagitan
ng pagtingin nang lampas sa
tanda, talagang kinakailangan
silang bumagsak; sapagkat ina-
lis ng Diyos ang kanyang kali-
nawan mula sa kanila, at ibini-
gay sa kanila ang maraming
bagay na [d]hindi nila maunawa-
an, sapagkat ito ang ninais nila.
At dahil sa ito ang kanilang ni-
nais kung kaya't ginawa ito ng
Diyos, upang sila ay matisod.
15 At ngayon, ako, si Jacob, ay
inaakay ng Espiritu sa pagpo-
propesiya; sapagkat nahiwati-
gan ko sa pamamagitan ng pa-
mumukaw ng Espiritu na nasa
akin, na sa pamamagitan ng
[a]pagkakatisod ng mga Judio
ay kanilang [b]tatanggihan ang
[c]bato kung saan sila makapag-
tatayo at magkakaroon ng lig-
tas na saligan.
16 Subalit masdan, ayon sa
mga banal na kasulatan, ang
[a]batong ito ang magiging daki-
la, at huli, at tanging tiyak na
[b]saligan, kung saan makapag-
tatayo ang mga Judio.
17 At ngayon, aking mga mi-
namahal, paano mangyayari na
ang mga ito, matapos tanggi-
han ang tiyak na saligan, ay
makapagtatayo rito [a]kailanman,
upang ito ay maging kanilang
batong panulok?
18 Masdan, mga minamahal
kong kapatid, aking ilalahad
ang hiwagang ito sa inyo; kung
hindi ako, sa anumang pagka-
kataon, ay mayayanig mula sa
aking katatagan sa Espiritu, at
matisod dahil sa aking labis na
pag-aalaala sa inyo.

## KABANATA 5

*Inulit ni Jacob si Zenos hinggil sa talinghaga ng mga likas at ligaw na punong olibo—Mga kahalintulad ito ng Israel at ng mga Gentil—Ang pagkakalat at pagtitipon ng Israel ay inilarawan—Gumawa ng mga pahiwatig sa mga Nephita at sa mga Lamanita at sa buong sambahayan ni Israel—Ang mga Gentil ay ihuhugpong sa Israel—Sa katapusan ang olibohan ay susunugin. Mga 544–421 B.C.*

Masdan, aking mga kapatid,
hindi ba ninyo natatandaang na-

13*c* Alma 13:23.
14*a* Mat. 23:37–38; 2 Ne. 25:2.
*b* 2 Cor. 11:3; 1 Ne. 19:7; 2 Ne. 33:2.
*c* Is. 44:18; Rom. 11:25.
*d* 2 Ne. 25:1–2.
15*a* Is. 8:13–15; 1 Cor. 1:23; 2 Ne. 18:13–15.
*b* 1 Ne. 10:11.
*c* GBK Batong Panulok; Bato.
16*a* Awit 118:22–23.
*b* Is. 28:16; Hel. 5:12.
17*a* Mat. 19:30; D at T 29:30.

basa ang mga salita ng prope-
tang si [a]Zenos, na kanyang si-
nabi sa sambahayan ni Israel,
sinasabing:
2 Makinig, O kayong sambaha-
yan ni Israel, at pakinggan ang
aking mga salita, isang propeta
ng Panginoon.
3 Sapagkat masdan, ganito ang
wika ng Panginoon, ihahambing
kita, O sambahayan ni [a]Israel,
tulad sa isang likas na punong
[b]olibo, na itinanim at inalagaan
ng isang lalaki sa kanyang [c]oli-
bohan; at tumubo ito, at gumu-
lang, at nagsimulang [d]mabulok.
4 At ito ay nangyari na, na ang
panginoon ng olibohan ay hu-
mayo, at nakita niyang ang
kanyang punong olibo ay nag-
simulang mabulok; at kanyang
sinabi: Aking pupungusin ito,
at bubungkalin ang palibot nito,
at aalagaan ito, na baka saka-
ling tubuan ito ng mga sariwa
at murang sanga, at hindi ito
matutuyot.
5 At ito ay nangyari na, na kan-
ya itong pinungusan, at binung-
kal ang palibot nito, at inalagaan
ito alinsunod sa kanyang salita.
6 At ito ay nangyari na, na sa
paglipas ng maraming araw na
nagsimulang tubuan ito ng ka-
unting mga sariwa at murang
sanga; subalit masdan, ang pi-
nakatalbos niyon ay nagsimu-
lang matuyot.
7 At ito ay nangyari na, na ito
ay nakita ng panginoon ng oli-
bohan, at sinabi sa kanyang ta-
gapagsilbi: Ikalulungkot kong
mawala sa akin ang punong
ito; kaya nga, humayo at buma-
li ng mga sanga mula sa [a]ligaw
na punong olibo, at dalhin dito
sa akin; at ating puputulin ya-
ong mga punong sanga na nag-
sisimulang matuyot, at itatapon
natin ang mga yaon sa apoy
upang ang mga ito ay masunog.
8 At masdan, wika ng Pangino-
on ng olibohan, kukunin ko ang
marami sa mga sariwa at mu-
rang sanga, at ihuhugpong ko
ang mga ito saan ko man nais-
in; at hindi na mahalaga kung
sakali mang matuyot ang ugat
ng punong ito, iiimbak ko ang
bunga niyon para sa aking sari-
li; anupa't kukunin ko ang mga
sariwa at murang sangang ito
at ihuhugpong ko ang mga ito
saan ko man naisin.
9 Iyong kunin ang mga sanga
ng ligaw na punong olibo, at
ihugpong ang mga ito sa [a]pinag-
kunan niyon; at itong aking mga
pinutol ay itatapon ko sa apoy at
susunugin ang mga ito upang
hindi makasagabal ang mga ito,
sa aking olibohan.
10 At ito ay nangyari na, na
ginawa ng tagapagsilbi ng Pa-
nginoon ng olibohan ang naa-
ayon sa salita ng Panginoon ng
olibohan, at inihugpong ang mga
sanga ng [a]ligaw na punong olibo.
11 At iniutos ng Panginoon ng
olibohan na dapat itong bung-

**5** 1*a* GBK Zenos.
3*a* Ez. 36:8.
GBK Israel.
*b* Rom. 11:17–24.
GBK Puno ng Olibo.
*c* D at T 101:44.
GBK Ubasan ng Panginoon.
*d* GBK Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan.
7*a* Rom. 11:17, 24.
9*a* Rom. 1:13.
10*a* GBK Gentil, Mga.

kalin sa palibot, at pungusan, at alagaan, sinasabi sa kanyang tagapagsilbi: Ikalulungkot kong mawala sa akin ang punong ito; samakatwid, na baka sakaling mapangalagaan ko ang mga ugat niyon upang hindi matuyot ang mga ito, upang maalagaan ang mga yaon para sa aking sarili, kung kaya't ginawa ko ang bagay na ito.

12 Samakatwid, humayo ka; bantayan ang puno, at alagaan ito, alinsunod sa aking mga salita.

13 At ang mga ito ay [a]ilalagay ko sa pinakamalayong dako ng aking olibohan, saan ko man naisin, hindi na ito mahalaga sa iyo; at gagawin ko ito upang mapangalagaan ko para sa aking sarili ang mga likas na sanga ng puno; at gayon din, upang makapag-imbak ako ng mga bunga sa panahon niyon, para sa aking sarili; sapagkat ikalulungkot kong mawala sa akin ang punong ito at ang bunga niyon.

14 At ito ay nangyari na, na ang panginoon ng olibohan ay humayo na, at itinago ang mga likas na sanga ng likas na punong olibo sa pinakamalayong dako ng olibohan, ang ilan sa isang dako at ang iba ay sa ibang dako, alinsunod sa kanyang kalooban at kasiyahan.

15 At ito ay nangyari na, na lumipas ang mahabang panahon, at sinabi ng Panginoon ng olibohan sa kanyang tagapagsilbi: Halina, bumaba tayo sa olibohan, upang makagawa sa olibohan.

16 At ito ay nangyari na, na ang Panginoon ng olibohan, at gayon din ang tagapagsilbi, ay bumaba sa olibohan upang gumawa. At ito ay nangyari na, na sinabi ng tagapagsilbi sa kanyang panginoon: Masdan, tumingin dito; masdan ang puno.

17 At ito ay nangyari na, na ang Panginoon ng olibohan ay tumingin at namasdan ang puno kung saan inihugpong ang mga ligaw na sanga ng olibo; at tumubo ito at nagsimulang [a]mamunga. At namasdan niyang mainam ito; at ang bunga niyon ay tulad ng likas na bunga.

18 At sinabi niya sa tagapagsilbi: Masdan, nakakuha ang mga sanga ng ligaw na puno ng halumigmig sa ugat niyon, na nakapagbigay-lakas sa ugat niyon; at dahil sa labis na lakas ng ugat niyon, ang mga ligaw na sanga ay namunga ng likas na bunga. Ngayon, kung hindi natin inihugpong ang mga sangang ito, ang punong yaon ay natuyot na sana. At ngayon, masdan, makapag-iimbak ako ng maraming bunga, na ibinunga ng punong yaon; at ang bunga niyon ay iiimbak ko para sa darating na panahon, para sa aking sarili.

19 At ito ay nangyari na, na sinabi ng Panginoon ng olibohan sa tagapagsilbi: Halina, magtungo tayo sa pinakamalayong dako ng olibohan, at masdan kung hindi rin namunga nang marami ang mga likas na sanga, upang makapag-imbak ako ng mga bunga niyon para sa dara-

13*a* 1 Ne. 10:12.
17*a* Juan 15:16.

ting na panahon, para sa aking
sarili.
20 At ito ay nangyari na, na
nagtungo sila sa kung saan iti-
nago ng panginoon ang mga li-
kas na sanga ng puno, at sinabi
niya sa tagapagsilbi: Masdan
ang mga ito; at namasdan niya
ang [a]una na namunga ito nang
marami; at kanya ring namasdan
na mainam ito. At sinabi niya sa
tagapagsilbi: Kunin ang mga
bunga niyon, at iimbak ito para
sa darating na panahon, upang
ito ay aking maiimbak para sa
aking sarili; sapagkat masdan,
sinabi niya, inalagaan ko ito sa
mahabang panahon, at namu-
nga ito nang marami.
21 At ito ay nangyari na, na si-
nabi ng tagapagsilbi sa kanyang
panginoon: Bakit kayo nagtu-
ngo rito upang itanim ang pu-
nong ito, o ang sangang ito ng
puno? Sapagkat masdan, ito ang
pinakatigang na dako sa lahat
ng lupain ng inyong olibohan.
22 At sinabi sa kanya ng Pa-
nginoon ng olibohan: Huwag
mo akong payuhan; nalalaman
ko na ito ay isang tigang na
dako ng lupa; samakatwid, sina-
bi ko sa iyo, inalagaan ko ito sa
mahabang panahon, at namas-
dan mong namunga ito nang
marami.
23 At ito ay nangyari na, na si-
nabi ng Panginoon ng olibohan
sa kanyang tagapagsilbi: Tumi-
ngin dito; masdan, nagtanim
ako ng isa pang sanga ng puno;
at nalalaman mo na ang dakong
ito ng lupa ay higit na tigang
kaysa sa una. Subalit, masdan
ang puno. Inalagaan ko ito sa
mahabang panahon, at namu-
nga ito nang marami; samakat-
wid, tipunin ito, at iimbak para
sa darating na panahon, upang
maiimbak ko ito para sa aking
sarili.
24 At ito ay nangyari na, na
muling sinabi ng Panginoon ng
olibohan sa kanyang tagapag-
silbi: Tumingin dito, at masdan
ang isa pa ring [a]sanga, na aking
itinanim; masdan, ito rin ay ina-
lagaan ko, at namunga ito.
25 At sinabi niya sa tagapag-
silbi: Tumingin dito at masdan
ang huli. Masdan, itinanim ko
ito sa isang [a]mainam na dako
ng lupa; at inalagaan ko ito sa
mahabang panahon, at isang ba-
hagi lamang ng puno ang na-
munga ng likas na bunga, at ang
[b]ibang bahagi ng puno ay namu-
nga ng ligaw na bunga; masdan,
inalagaan ko ang punong ito na
tulad ng iba.
26 At ito ay nangyari na, na si-
nabi ng Panginoon ng olibohan
sa tagapagsilbi: Putulin ang mga
sangang hindi namunga ng ma-
buting [a]bunga, at itapon ang
mga ito sa apoy.
27 Subalit masdan, sinabi ng
tagapagsilbi sa kanya: Pungu-
san natin ito, at bungkalin ang
palibot nito, at alagaan ito ng
kaunti pang panahon, na baka
sakaling mamunga ito ng mabu-

20*a* Jac. 5:39.
24*a* Ez. 17:22–24;
Alma 16:17;
3 Ne. 15:21–24.
25*a* 1 Ne. 2:20.
*b* 3 Ne. 10:12–13.
26*a* Mat. 7:15–20;
Alma 5:36;
D at T 97:7.

ting bunga para sa inyo, upang
makapag-imbak kayo para sa
darating na panahon.
28 At ito ay nangyari na, na
inalagaan ng Panginoon ng olibohan at ng tagapagsilbi ng Panginoon ng olibohan ang lahat
ng bunga sa olibohan.
29 At ito ay nangyari na, na
lumipas ang mahabang panahon, at sinabi ng Panginoon ng
olibohan sa kanyang [a]tagapagsilbi: Halina, bumaba tayo sa
olibohan, upang muli tayong
makagawa sa olibohan. Sapagkat masdan, nalalapit na ang
[b]panahon, at ang [c]katapusan ay
malapit nang dumating; kaya
nga, kinakailangan kong magimbak ng bunga para sa darating na panahon, para sa aking
sarili.
30 At ito ay nangyari na, na bumaba sa olibohan ang Panginoon ng olibohan at ang tagapagsilbi; at nagtungo sila sa puno
na pinutulan ng mga likas na
sanga; at ang hinugpong na mga
ligaw na sanga; at masdan, lahat
ng [a]uri ng bunga ay ibinunga
ng puno.
31 At ito ay nangyari na, na tinikman ng Panginoon ng olibohan ang bunga, bawat uri ayon
sa bilang nito. At sinabi ng Panginoon ng olibohan: Masdan,
inalagaan natin ang punong ito
sa mahabang panahon, at nakapag-imbak ako para sa aking
sarili ng maraming bunga para
sa darating na panahon.
32 Subalit masdan, ngayon namunga ito ng maraming bunga,
at [a]wala ni isa man dito ang mainam. At masdan, may lahat ng
uri ng masasamang bunga; at
walang silbi ito sa akin, sa kabila ng lahat ng ating pagpapagal; at ngayon ikinalulungkot
kong mawala ang punong ito.
33 At sinabi ng Panginoon ng
olibohan sa tagapagsilbi: Ano
ang ating gagawin sa puno,
upang muli kong maiimbak ang
mainam na bunga niyon para
sa aking sarili?
34 At sinabi ng tagapagsilbi
sa kanyang panginoon: Masdan,
dahil sa inyong inihugpong ang
mga sanga ng ligaw na punong
olibo ay pinagyaman nito ang
mga ugat, kung kaya't nabuhay
ang mga ito at hindi natuyot;
kaya nga namasdan ninyo na
ang mga ito ay mainam pa rin.
35 At ito ay nangyari na, na sinabi ng Panginoon ng olibohan
sa kanyang tagapagsilbi: Ang
punong ito ay walang silbi sa
akin, at ang mga ugat niyon ay
walang silbi sa akin habang ito
ay namumunga ng masamang
bunga.
36 Gayon pa man, nalalaman
ko na ang mga ugat ay mabuti,
at pinangalagaan ko ang mga
ito para sa aking sariling layunin; at dahil sa kanilang labis na
lakas, namunga ang mga ito,
mula sa mga ligaw na sanga,
ng mabuting bunga.
37 Subalit masdan, ang mga
ligaw na sanga ay tumubo at
[a]nadaig ang mga ugat niyon; at

29*a* D at T 101:55; 103:21.
*b* GBK Huling Araw, Mga.
*c* 2 Ne. 30:10; Jac. 6:2.
30*a* GBK Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan.
32*a* JS—K 1:19.
37*a* D at T 45:28–30.

dahil sa nadaig ng mga ligaw
na sanga ang mga ugat niyon,
namunga ito ng maraming masamang bunga; at dahil sa namunga ito ng maraming masamang bunga ay namasdan ninyong nagsimula itong matuyot; at malapit na itong mahinog, upang maitapon sa apoy, maliban kung gagawa tayo ng ano mang paraan upang ito ay mapangalagaan.
38 At ito ay nangyari na, na sinabi ng Panginoon ng olibohan sa kanyang tagapagsilbi: Halina't bumaba tayo sa pinakamalayong dako ng olibohan, at masdan kung namunga rin ng masasamang bunga ang mga likas na sanga.
39 At ito ay nangyari na, na bumaba sila sa pinakamalayong dako ng olibohan. At ito ay nangyari na, na namasdan nilang nangabulok din ang mga bunga ng likas na sanga; oo, ang
[a]una at ang ikalawa, at gayon din ang huli; at nangabulok lahat ang mga ito.
40 At ang [a]ligaw na bunga ng huli ay nadaig yaong bahagi ng puno na namumunga ng mabuting bunga, maging sa matuyot ang mga sanga at namatay.
41 At ito ay nangyari na, na lumuha ang Panginoon ng olibohan, at sinabi sa tagapagsilbi: [a]Ano pa ba ang magagawa ko para sa aking olibohan?
42 Masdan, alam ko na lahat ng bunga ng olibohan, maliban sa mga ito, ay nangabulok. At ngayon, ang mga ito na noong una ay namunga ng mabuting bunga ay nangabulok din; at ngayon, ang lahat ng puno sa aking olibohan ay walang silbi maliban sa ito ay putulin at ihagis sa apoy.
43 At masdan itong huli, na natuyo ang sanga, ay itinanim ko sa [a]mainam na dako ng lupa; oo, maging sa yaong pinakamataba sa lahat ng dako ng lupa ng aking olibohan.
44 At namasdan mong akin ding pinutol ang yaong [a]tumutubo sa dakong ito, upang maitanim ko ang punong ito bilang kapalit niyon.
45 At namasdan mo na isang bahagi niyon ay namunga ng mabuting bunga, at ang isang bahagi niyon ay namunga ng ligaw na bunga; at dahil sa hindi ko pinutol ang mga sanga niyon at itinapon ang mga ito sa apoy, masdan, dinaig ng mga ito ang mabuting sanga kung kaya't natuyot ito.
46 At ngayon, masdan, sa kabila ng lahat ng ating pangangalaga sa aking olibohan, ang mga puno niyon ay nangabulok, kung kaya't walang ibinubungang mabuting bunga ang mga ito; at ang mga ito ang inasahan kong pangangalagaan, upang makapag-imbak ng bunga niyon para sa darating na panahon, para sa aking sarili. Subalit masdan, naging katulad ang mga ito ng ligaw na punong olibo, at wala itong silbi,

39*a* Jac. 5:20, 23, 25.
40*a* Morm. 6:6–18.
41*a* 2 Ne. 26:24.
43*a* 2 Ne. 1:5.
44*a* Eter 13:20–21.

kundi [a]putulin at ihagis sa apoy;
at ikinalulungkot kong mawa-
la sa akin ang mga yaon.
47 Subalit ano pa ba ang maga-
gawa ko para sa aking olibohan?
Naging mahina ba ang aking
mga kamay, na hindi ko ito na-
alagaan? Hindi, aking inalaga-
an ito, at aking binungkal ang
palibot nito, at aking pinungu-
san ito, at nilagyan ko ito ng
pataba; at [a]iniunat ko ang aking
kamay halos buong maghapon,
at papalapit na ang [b]katapusan.
At ikinalulungkot ko na nara-
rapat kong putulin ang lahat ng
puno ng aking olibohan, at iha-
gis ang mga ito sa apoy upang
ang mga yaon ay sunugin. Sino
ang nagpabulok sa aking olibo-
han?
48 At ito ay nangyari na, na si-
nabi ng tagapagsilbi sa kanyang
panginoon: Hindi ba sa kataa-
san ng inyong olibohan—hin-
di ba't dinaig ng mga sanga ni-
yon ang mga ugat na mabubuti?
At dahil sa nadaig ng mga sanga
ang mga ugat niyon, masdan,
higit na mabilis ang pagtubo
nito kaysa sa lakas ng mga ugat,
kumukuha ng lakas para sa ka-
nilang sarili. Masdan, sinasabi
ko, hindi ba't ito ang dahilan
kung bakit nangabulok ang mga
puno ng inyong olibohan?
49 At ito ay nangyari na, na
sinabi ng Panginoon ng olibo-
han sa tagapagsilbi: Halina't hu-
mayo tayo at putulin ang mga
puno ng olibohan at ihagis ang
mga ito sa apoy, upang hindi
na muling makasagabal pa ang
mga ito sa aking olibohan, sa-
pagkat nagawa ko na ang lahat.
Ano pa ba ang magagawa ko
para sa aking olibohan?
50 Subalit, masdan, sinabi ng
tagapagsilbi sa Panginoon ng
olibohan: Patagalin pa natin
nang [a]kaunti.
51 At sinabi ng panginoon:
Oo, patatagalin ko ito nang ka-
unti pa, sapagkat ikalulungkot
kong mawala sa akin ang mga
puno ng aking olibohan.
52 Samakatwid, kunin natin
ang mga [a]sanga ng mga ito na
itinanim ko sa pinakamalayong
dako ng aking olibohan, at ating
ihugpong ang mga ito sa pu-
nong kanilang pinagmulan; at
ating putulin mula sa puno ang
yaong mga sangang napakapait
ang bunga, at ihugpong sa mga
likas na sanga ng puno bilang
kapalit niyon.
53 At gagawin ko ito upang
hindi matuyot ang puno, na
baka sakali, mapangalagaan ko
para sa aking sariling layunin
ang mga ugat niyon.
54 At, masdan, buhay pa ang
mga ugat ng mga likas na sa-
nga ng puno na aking itinanim
saan ko man naisin; samakat-
wid, upang mapangalagaan ko
ang mga yaon para sa sarili
kong layunin, kukuha ako ng
mga sanga sa punong ito, at
[a]ihuhugpong ko ang mga ito sa
mga yaon. Oo, ihuhugpong ko

46*a* 3 Ne. 27:11.
47*a* 2 Ne. 28:32; Jac. 6:4.
*b* GBK Daigdig—Katapusan ng daigdig.
50*a* Jac. 5:27.
52*a* GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
54*a* 1 Ne. 15:12–16.

sa mga yaon ang mga sanga ng kanilang inang puno, upang mapangalagaan ko rin ang mga ugat para sa aking sarili, na kapag sapat na ang kanilang lakas ay baka sakaling mamunga ang mga ito ng mabubuting bunga para sa akin, at magkakaroon pa rin ako ng kagalakan sa bunga ng aking olibohan.

55 At ito ay nangyari na, na kumuha sila mula sa mga likas na puno na naging ligaw, at inihugpong sa mga likas na puno, na naging ligaw rin.

56 At kinuha rin nila ang mga likas na puno na naging ligaw, at inihugpong sa kanilang inang puno.

57 At sinabi ng Panginoon ng olibohan sa tagapagsilbi: Huwag mong putulin ang mga ligaw na sanga mula sa mga puno, maliban sa mga yaong napakapait; at sa mga yaon ay ihuhugpong mo ang alinsunod sa mga yaong aking sinabi.

58 At atin muling aalagaan ang mga puno ng olibohan, at ating lilinisin ang mga sanga niyon; at mula sa mga puno ay ating puputulin yaong mga sangang magulang na, na natuyot, at ihagis ang mga ito sa apoy.

59 At gagawin ko ito, na baka sakali, ang mga ugat niyon ay mabigyang-lakas dahil sa kanilang kabutihan; at dahil sa pagpapalit ng mga sanga, ay madaig ng mabuti ang masama.

60 At dahil sa inalagaan ko ang mga likas na sanga at mga ugat niyon, at aking muling inihugpong ang mga likas na sanga sa kanilang inang puno, at inalagaan ang mga ugat ng kanilang inang puno, na baka sakaling ang mga puno ng aking olibohan ay muling mamunga ng mabuting [a]bunga; at upang muli akong magkaroon ng kagalakan sa bunga ng aking olibohan, at baka sakaling lubusan akong masiyahan na aking inalagaan ang mga ugat at sanga ng unang bunga—

61 Samakatwid, humayo, at magtawag ng mga [a]tagapagsilbi, upang masigasig tayong [b]makagawa nang buong lakas sa olibohan, upang ating maihanda ang daan, na muli akong makapagpabunga ng likas na bunga, kung aling likas na bunga ay mainam at pinakamahalaga sa lahat ng iba pang bunga.

62 Kaya nga, halina't humayo tayo at gumawa nang buong lakas natin sa huling pagkakataon, sapagkat masdan, ang katapusan ay nalalapit na, at ito ang huling pagkakataon na pupungusan ko ang aking olibohan.

63 Ihugpong ang mga sanga; simulan sa [a]huli upang ang mga ito ang mauna, at upang ang nauna ang mahuli, at bungkalin ang palibot ng mga puno, kapwa magulang at mura, ang una at ang huli; at ang huli at ang una, upang muling maalagaan ang lahat sa huling pagkakataon.

64 Samakatwid, bungkalin ang

60*a* Is. 27:6.
61*a* Jac. 6:2; D at T 24:19.
*b* D at T 39:11, 13, 17.
63*a* 1 Ne. 13:42; Eter 13:10–12.

kanilang palibot, at pungusan ang mga ito, at muling lagyan ng pataba ang mga ito, sa huling pagkakataon, sapagkat ang katapusan ay nalalapit na. At kung sakali mang tumubo ang mga huling hugpong na ito, at mamunga ng likas na bunga, doon ninyo ihahanda ang paraan para sa kanila upang ang mga ito ay tumubo.
65 At habang nagsisimula ang mga itong tumubo ay tatanggalin ninyo ang mga sangang namumunga ng mapait na bunga, alinsunod sa lakas ng mabuti at sukat niyon; at hindi ninyo [a]tatanggalin kaagad ang lahat ng masama, at baka maging labis na malakas ang mga ugat niyon para sa hugpong, at ang hugpong niyon ay matutuyot, at mawawala sa akin ang mga puno ng aking olibohan.
66 Sapagkat ikalulungkot kong mawala sa akin ang mga puno ng aking olibohan; kaya nga tanggalin ninyo ang masasama alinsunod sa pagtubo ng mabubuti, upang ang ugat at talbos ay maging magkasinglakas, hanggang sa madaig ng mabuti ang masama, at ang masama ay putulin at ihagis sa apoy, upang hindi makasagabal ang mga ito sa aking olibohan; at sa ganito ihihiwalay ang masama mula sa aking olibohan.
67 At ang mga sanga ng likas na puno ay muli kong ihuhugpong sa likas na puno;
68 At ang mga sanga ng likas na puno ay ihuhugpong ko sa mga likas na sanga ng punungkahoy; at sa ganito ko muling ibabalik ang mga ito, nang mamunga ang mga ito ng likas na bunga, at ang mga ito ay pagiisahin.
69 At ang masasama ay [a]itatapon, oo, maging sa labas ng lupain ng aking olibohan; sapagkat masdan, tanging sa pagkakataong ito ko pupungusan ang aking olibohan.
70 At ito ay nangyari na, na isinugo ng Panginoon ng olibohan ang kanyang [a]tagapagsilbi; at humayo ang tagapagsilbi at ginawa ang iniutos sa kanya ng Panginoon, at nagdala ng iba pang mga tagapagsilbi, at [b]kakaunti sila.
71 At sinabi ng Panginoon ng olibohan sa kanila: Humayo, at [a]gumawa sa olibohan, nang buong lakas ninyo. Sapagkat masdan, ito ang [b]huling pagkakataong aalagaan ko ang aking olibohan; sapagkat ang katapusan ay nalalapit na, at dagliang darating ang panahon; at kung gagawa kayo nang buong lakas na kasama ko, magkakaroon kayo ng [c]kagalakan sa bunga na iimbakin ko para sa aking sarili para sa panahong malapit nang dumating.
72 At ito ay nangyari na, na humayo ang mga tagapagsilbi at gumawa nang buong lakas nila; at gumawa rin ang Pa-

65*a* D at T 86:6–7.
69*a* 1 Ne. 22:15–17, 23; 2 Ne. 30:9–10.
70*a* D at T 101:55; 103:21.
*b* 1 Ne. 14:12.
71*a* Mat. 21:28; Jac. 6:2–3; D at T 33:3–4.
*b* D at T 39:17; 43:28–30.
*c* D at T 18:10–16.

nginoon ng olibohan na kasama nila; at sinunod nila ang mga kautusan ng Panginoon ng olibohan sa lahat ng bagay.

73 At nagsimulang muling magkaroon ng likas na bunga sa olibohan; at ang mga likas na sanga ay nagsimulang tumubo at umusbong nang mayabong; at ang mga ligaw na sanga ay nagsimulang putulin at itapon; at pinanatili nilang pantay ang ugat at ang talbos niyon, alinsunod sa lakas niyon.

74 At sa gayon sila gumawa, nang buong pagsusumigasig, alinsunod sa mga kautusan ng Panginoon ng olibohan, maging hanggang sa maitapon ang masama sa labas ng olibohan, at pinangalagaan ng Panginoon sa kanyang sarili upang muling maging likas na bunga ang mga punungkahoy; at naging tulad ang mga ito sa [a]isang kumpol; at pantay ang mga bunga; at iniimbak ng Panginoon ng olibohan ang likas na bunga para sa kanyang sarili, na pinakamahalaga sa kanya mula pa sa simula.

75 At ito ay nangyari na, nang makita ng Panginoon ng olibohan na mainam ang bunga nito, at na ang kanyang olibohan ay hindi na nangabubulok, tinawag niya ang kanyang mga tagapagsilbi, at sinabi sa kanila: Masdan, sa huling pagkakataong ito ay inalagaan natin ang aking olibohan; at namamasdan ninyong ginawa ko ang alinsunod sa aking kalooban; at naiimbak ko ang likas na bunga, na mainam ito, maging hanggang sa matulad ito sa simula. At [a]pinagpala kayo; sapagkat naging masigasig kayo sa paggawa na kasama ko sa aking olibohan, at sinunod ang aking mga kautusan, at naibalik muli sa akin ang [b]likas na bunga, na hindi na nangabubulok ang aking olibohan, at itinapon ang masasama, masdan, magkakaroon kayo ng kagalakan kasama ko dahil sa bunga ng aking olibohan.

76 Sapagkat masdan, sa [a]mahabang panahon ko iniimbak ang bunga ng aking olibohan para sa aking sarili sa panahon, na madaling darating; at sa huling pagkakataon ay inalagaan ko ang aking olibohan, at pinungusan ito, at binungkal ang palibot nito, at nilagyan ng pataba ito; samakatwid magiimbak ako ng bunga para sa aking sarili, sa mahabang panahon, alinsunod sa yaong aking sinabi.

77 At kapag dumating ang panahon na muling mahahaluan ng masasamang bunga ang aking olibohan, doon ko pagtitipun-tipunin ang mabubuti at masasama; at ang mabubuti ay iiimbak ko para sa aking sarili, at itatapon ko ang masasama sa sariling lugar nito. At doon darating ang [a]panahon at ang ka-

74*a* D at T 38:27.
75*a* 1 Ne. 13:37.
*b* GBK Israel.
76*a* 1 Ne. 22:24–26.
GBK Milenyo.
77*a* Apoc. 20:2–10;
D at T 29:22–24;
43:29–33;
88:110–116.

tapusan; at [b]ipasusunog ko ang
aking olibohan sa pamamagitan
ng apoy.

## KABANATA 6

*Babawiin ng Panginoon ang Israel sa mga huling araw—Susunugin ng apoy ang daigdig—Ang mga tao ay kinakailangang sumunod kay Cristo upang maiwasan ang lawa ng apoy at asupre. Mga 544–421* B.C.

At ngayon, masdan, aking mga
kapatid, tulad ng sinabi ko sa
inyo na magpopropesiya ako,
masdan, ito ang aking propesi-
ya—na ang mga bagay na sina-
bi ng propetang si [a]Zenos, hing-
gil sa sambahayan ni Israel,
kung saan niya inihalintulad
sila sa isang likas na punong
olibo, ay tunay na magaganap.
2 At sa araw na iuunat niyang
muli ang kanyang kamay sa
ikalawang pagkakataon upang
[a]bawiin ang kanyang mga tao,
ay ang araw, oo, maging ang
huling pagkakataon, na ang mga
[b]tagapaglingkod ng Panginoon
ay hahayo sa kanyang [c]kapang-
yarihan, upang [d]pangalagaan
at pungusan ang kanyang
[e]olibohan; at matapos yaon ay
madaling darating ang [f]ka-
tapusan.
3 At pinagpala ang mga yaong
gumawa nang may pagsusumi-
gasig sa kanyang olibohan; at
kasumpa-sumpa ang mga yaong
itatapon sa kanilang sariling lu-
gar! At ang daigdig ay [a]susunu-
gin ng apoy.
4 At napakamaawain ng ating
Diyos sa atin, sapagkat naaala-
ala niya ang sambahayan ni
[a]Israel, kapwa mga ugat at sa-
nga; at iniuunat niya ang kan-
yang mga [b]kamay sa kanila sa
buong maghapon; at sila ay mga
taong [c]matitigas ang leeg at mga
mapagsalungat na tao; subalit
kasindami ng hindi magpapa-
tigas ng kanilang mga puso ay
maliligtas sa kaharian ng Diyos.
5 Kaya nga, mga minamahal
kong kapatid, nagsusumamo
ako sa inyo sa mahinahong pa-
nanalita na magsisi kayo, at lu-
mapit nang may buong layu-
nin ng puso, at [a]mangunyapit sa
Diyos na tulad ng kanyang pa-
ngungunyapit sa inyo. At ha-
bang ang kanyang [b]bisig ng awa
ay nakaunat sa inyo sa liwanag
ng araw, huwag patigasin ang
inyong mga puso.
6 Oo, ngayon, kung inyong
maririnig ang kanyang tinig,
huwag ninyong patigasin ang
inyong mga puso; sapagkat ba-
kit kayo [a]mamamatay?
7 Sapagkat masdan, matapos

77*b* GBK Daigdig—Katapusan ng daigdig.
**6** 1*a* Jac. 5:1.
2*a* 1 Ne. 22:10–12; D at T 110:11. GBK Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo.
*b* Jac. 5:61.
*c* 1 Ne. 14:14.
*d* Jac. 5:71.
*e* GBK Ubasan ng Panginoon.
*f* 2 Ne. 30:10.
3*a* 2 Ne. 27:2; Jac. 5:77; 3 Ne. 25:1.
4*a* 2 Sam. 7:24.
*b* Jac. 5:47.
*c* Mos. 13:29.
5*a* GBK Pagkakaisa.
*b* Alma 5:33–34; 3 Ne. 9:14.
6*a* Ez. 18:21–23.

kayong busugin ng mabuting
salita ng Diyos sa buong mag-
hapon, mamumunga ba kayo ng
masasamang bunga, upang kayo
ay [a]putulin at ihagis sa apoy?
8 Masdan, inyo bang tatanggi-
han ang mga salitang ito? Inyo
bang tatanggihan ang mga sali-
ta ng mga propeta; at inyo bang
tatanggihan ang lahat ng sali-
tang sinabi hinggil kay Cristo,
matapos na napakaraming na-
ngusap hinggil sa kanya; at itat-
wa ang mabuting salita ni
Cristo, at ang kapangyarihan ng
Diyos, at ang [a]kaloob na Espiri-
tu Santo, at inaapula ang Banal
na Espiritu, at hinahamak ang
dakilang plano ng pagtubos, na
inilaan para sa inyo?
9 Hindi ba ninyo nalalaman na
kung inyong gagawin ang mga
bagay na ito, na ang kapangya-
rihan ng pagtubos at ng pagka-
buhay na mag-uli, na taglay ni
Cristo, ay dadalhin kayo upang
tumayo nang may kahihiyan at
kakila-kilabot na [a]pag-uusig ng
budhi sa harapan ng [b]hukuman
ng Diyos?
10 At alinsunod sa kapangyari-
han ng [a]katarungan, sapagkat
hindi maitatanggi ang kataru-
ngan, tiyak na matutungo kayo
sa yaong [b]lawa ng apoy at asu-
pre, na ang mga ningas ay di
maapula, at ang usok ay puma-
pailanglang magpakailanman,
kung aling lawa ng apoy at
asupre ay [c]walang katapusang
[d]kaparusahan.
11 O kaya nga, mga minama-
hal kong kapatid, magsipagsisi
kayo, at magsipasok sa [a]maki-
tid na pintuang bayan, at mag-
patuloy sa landas na makipot,
hanggang sa inyong matamo
ang buhay na walang hanggan.
12 O maging [a]marunong; ano
pa ang masasabi ko?
13 Bilang pagtatapos, nagpapa-
alam ako sa inyo, hanggang sa
magkita tayo sa harapan ng ka-
siya-siyang hukuman ng Diyos,
kung aling hukuman ay mag-
kikintal ng [a]karima-rimarim na
sindak at takot sa masasama.
Amen.

## KABANATA 7

*Itinatwa ni Serem si Cristo, naki-
pagtalo kay Jacob, humingi ng
isang palatandaan, at pinarusahan
ng Diyos—Ang lahat ng propeta
ay nangusap hinggil kay Cristo
at sa kanyang pagbabayad-sala—
Ginugol ng mga Nephita ang ka-
nilang mga araw bilang mga pala-
boy, isinilang sa pagdurusa, at ki-
napopootan ng mga Lamanita. Mga
544–421 B.C.*

AT ngayon ito ay nangyari na,
na matapos lumipas ang ilang
taon, may dumating na isang
lalaki sa mga tao ni Nephi, na
ang pangalan ay Serem.

7*a* Alma 5:51–52; 3 Ne. 27:11–12.
8*a* GBK Kaloob na Espiritu Santo.
9*a* Mos. 15:26. GBK Pagkakasala.
*b* GBK Paghuhukom, Ang Huling.
10*a* GBK Katarungan.
*b* 2 Ne. 28:23. GBK Impiyerno.
*c* D at T 19:10–12.
*d* GBK Kapahamakan.
11*a* 2 Ne. 9:41.
12*a* Morm. 9:28.
13*a* Alma 40:14.

2 At ito ay nangyari na, na nagsimula siyang mangaral sa mga tao, at ipahayag sa kanila na hindi magkakaroon ng Cristo. At marami siyang ipinangaral na mga bagay na mapanghibok sa mga tao; at ginawa niya ito upang kanyang malupig ang doktrina ni Cristo.

3 At masigasig siyang gumawa upang kanyang matangay palayo ang mga puso ng tao, kung kaya't maraming puso siyang natangay palayo; at nalalaman niya na ako, si Jacob, ay may pananampalataya kay Cristo na darating, naghanap siya ng maraming pagkakataon na magharap kami.

4 At siya ay marunong, kaya nga mayroon siyang ganap na kaalaman tungkol sa wika ng mga tao; anupa't nakagagamit siya ng labis na panghihibok, at labis na mapanghikayat na pananalita, alinsunod sa kapangyarihan ng diyablo.

5 At umasa siya na matitinag niya ako mula sa pananampalataya, sa kabila ng maraming [a]paghahayag at ng maraming bagay na nakita ko na hinggil sa mga bagay na ito; sapagkat tunay na nakakita ako ng mga anghel, at naglingkod sila sa akin. At gayon din, narinig ko na ang tinig ding yaon ng Panginoon na nangungusap sa akin, sa pana-panahon; anupa't hindi ako maaaring matinag.

6 At ito ay nangyari na, na nagtungo siya sa akin, at sa ganito siya nagsalita sa akin, sinasabing: Kapatid na Jacob, naghanap ako ng maraming pagkakataon na makausap ka; sapagkat narinig ko at nalalaman ko ring parati kang abala, nangangaral ng yaong tinatawag mong ebanghelyo, o ang doktrina ni Cristo.

7 At natangay mo palayo ang marami sa mga taong ito kung kaya't kanilang iniliĺigaw ang tamang landas ng Diyos, at hindi [a]sinusunod ang mga batas ni Moises na siyang tamang landas; at pinalitan ang mga batas ni Moises ng pagsamba sa isang nilikha na iyong sinasabing paparito ilang daang taon mula ngayon. At ngayon masdan, ako, si Serem, ay ipinahahayag sa iyo na ito ay isang kalapastanganan; sapagkat walang taong nakaaalam ng gayong mga bagay; sapagkat [b]hindi siya maaaring makapagsabi ng mga bagay na darating. At sa ganitong paraan nakipagtalo si Serem sa akin.

8 Subalit masdan, ibinuhos ng Panginoong Diyos ang kanyang [a]Espiritu sa aking kaluluwa, kung kaya't nalito ko siya sa lahat ng kanyang salita.

9 At sinabi ko sa kanya: Itinatatwa mo ba ang Cristo na paparito? At sinabi niya: Kung magkakaroon ng isang Cristo, hindi ko siya itatatwa; subalit nalalaman kong walang Cristo, ni nagkaroon na, ni kailanman ay magkakaroon.

10 At sinabi ko sa kanya: Naniniwala ka ba sa mga banal na kasulatan? At sinabi niya, Oo.

**7** 5*a* 2 Ne. 11:3; Jac. 2:11.
7*a* Jac. 4:5.
*b* Alma 30:13.
8*a* GBK Inspirasyon.

11 At sinabi ko sa kanya: Kung
gayon hindi mo nauunawaan
ang mga ito; sapagkat tunay na
nagpapatotoo ang mga ito kay
Cristo. Masdan, sinasabi ko sa
iyo na walang sino man sa mga
propeta ang nagsulat, ni [a]nag-
propesiya, maliban sa nangu-
sap sila hinggil sa Cristong ito.
12 At hindi lamang ito—ipina-
alam sa akin ito, sapagkat aking
narinig at nakita; at ipinaalam
din ito sa akin sa pamamagitan
ng [a]kapangyarihan ng Espiritu
Santo; kaya nga, nalalaman ko
na kung walang pagbabayad-
salang gagawin ay tiyak na
[b]maliligaw ang buong sangka-
tauhan.
13 At ito ay nangyari na, na si-
nabi niya sa akin: Magpakita ka
sa akin ng isang [a]palatandaan
sa pamamagitan ng kapangya-
rihang ito ng Espiritu Santo, na
kung alin ay marami kang na-
lalaman.
14 At sinabi ko sa kanya: Sino
ako upang aking tuksuhin ang
Diyos na magpakita sa iyo ng
isang palatandaan sa isang ba-
gay na nalalaman mong [a]totoo?
Subalit iyong itatatwa ito, da-
hil sa ikaw ay sa [b]diyablo. Ga-
yon pa man, hindi ang aking
kalooban ang masusunod, su-
balit kung parurusahan ka ng
Diyos, yaon ang magiging pa-
latandaan sa iyo na mayroon
siyang kapangyarihan, kapwa
sa langit at sa lupa; at gayon
din, na darating si Cristo. At
inyong kalooban, O Pangino-
on, ang siyang masusunod, at
hindi sa akin.
15 At ito ay nangyari na, nang
sabihin ko, si Jacob, ang mga
salitang ito, ang kapangyarihan
ng Panginoon ay ginapi siya,
kung kaya't nabuwal siya sa
lupa. At ito ay nangyari na, na
inalagaan siya sa loob ng mara-
ming araw.
16 At ito ay nangyari na, na
kanyang sinabi sa mga tao:
Sama-samang magtipon kina-
bukasan, sapagkat mamamatay
na ako; samakatwid, nais kong
makapagsalita sa mga tao bago
ako mamatay.
17 At ito ay nangyari na, na
kinabukasan ang maraming tao
ay sama-samang nagtipon; at
nangusap siya nang malinaw sa
kanila at itinatwa ang mga ba-
gay na kanyang itinuro sa kani-
la, at kinilala ang Cristo, at ang
kapangyarihan ng Espiritu San-
to, at ang paglilingkod ng mga
anghel.
18 At nangusap siya nang mali-
naw sa kanila, na siya ay [a]nalin-
lang ng kapangyarihan ng [b]di-
yablo. At nangusap siya tungkol
sa impiyerno, at sa kawalang-
hanggan, at sa walang hang-
gang kaparusahan.

11*a* Apoc. 19:10; 1 Ne. 10:5; Jac. 4:4; Mos. 13:33–35; D at T 20:26. GBK Jesucristo.
12*a* GBK Diyos, Panguluhang Diyos—Diyos Espiritu Santo; Espiritu Santo.
*b* 2 Ne. 2:21.
13*a* Mat. 16:1–4; Alma 30:43–60. GBK Palatandaan.
14*a* Alma 30:41–42.
*b* Alma 30:53.
18*a* Alma 30:53. GBK Mapanlinlang, Manlinlang, Panlilinlang.
*b* GBK Diyablo.

19 At sinabi niya: Natatakot
ako na baka nakagawa ako ng
[a]walang kapatawarang pagka-
kasala, sapagkat nagsinunga-
ling ako sa Diyos; sapagkat iti-
natwa ko ang Cristo, at sinabing
naniniwala ako sa mga banal na
kasulatan; at tunay na nagpa-
patotoo ang mga ito sa kanya.
At dahil sa nagsinungaling ako
nang gayon sa Diyos ay labis
akong natatakot at baka ma-
ging [b]kakila-kilabot ang aking
kalagayan; subalit nagtatapat
ako sa Diyos.
20 At ito ay nangyari na, nang
sabihin niya ang mga salitang
ito ay hindi na siya nakapagsa-
lita pa, at siya'y [a]nalagutan ng
hininga.
21 At nang masaksihan ng ma-
raming tao na sinabi niya ang
mga bagay na ito nang malapit
na siyang malagutan ng hini-
nga, labis silang namangha;
kung kaya't bumaba ang ka-
pangyarihan ng Diyos sa kanila,
at [a]nadaig sila at nangabuwal
sila sa lupa.
22 Ngayon, kasiya-siya ang ba-
gay na ito sa akin, si Jacob, sa-
pagkat hiniling ko ito sa aking
Ama na nasa langit; sapagkat
dininig niya ang aking pagsu-
sumamo at tinugon ang aking
panalangin.
23 At ito ay nangyari na, na
ang kapayapaan at ang pag-ibig
sa Diyos ay muling nanumbalik
sa mga tao; at [a]sinaliksik nila
ang mga banal na kasulatan, at
hindi na pinakinggan ang mga
salita ng masamang taong ito.
24 At ito ay nangyari na, na
maraming pamamaraan ang gi-
nawa upang [a]mabawi at mai-
balik ang mga Lamanita sa kaa-
laman ng katotohanan; subalit
lahat ng ito ay [b]nawalang-say-
say, sapagkat nalulugod sila sa
mga [c]digmaan at [d]pagpapadanak
ng dugo, at mayroon silang wa-
lang hanggang [e]pagkapoot sa
amin, na kanilang mga kapatid.
At patuloy na hinangad nilang
lipulin kami sa pamamagitan
ng lakas ng kanilang mga
sandata.
25 Anupa't, ang mga tao ni
Nephi ay nagpakatatag laban sa
kanila sa pamamagitan ng ka-
nilang mga sandata, at sa pa-
mamagitan ng kanilang buong
lakas, nagtitiwala sa Diyos at
[a]bato ng kanilang kaligtasan;
kaya nga, sila sa ngayon ay na-
ging manlulupig ng kanilang
mga kaaway.
26 At ito ay nangyari na, na
ako, si Jacob, ay nagsimulang
tumanda; at ang talaan ng mga
taong ito na iniingatan sa [a]isa
pang mga lamina ni Nephi, anu-
pa't tinatapos ko ang talaang ito,
ipinahahayag na sumulat ako
ayon sa abot ng aking kaala-
man, sa pamamagitan ng pag-
sasabing lumipas na ang pana-

19*a* GBK Walang Kapatawarang Kasalanan.
*b* Mos. 15:26.
20*a* Jer. 28:15–17.
21*a* Alma 19:6.
23*a* Alma 17:2.
24*a* Enos 1:20.
*b* Enos 1:14.
*c* Mos. 10:11–18.
*d* Jar. 1:6; Alma 26:23–25.
*e* 2 Ne. 5:1–3; Mos. 28:2.
25*a* GBK Bato.
26*a* 1 Ne. 19:1–6; Jar. 1:14–15. GBK Lamina, Mga.

hon sa amin, at lumipas din ang mga taon ng aming [b]buhay na tulad ng isang panaginip, kami na mga taong malulungkot at mapitagan, mga palaboy, itinaboy palabas ng Jerusalem, isinilang sa pagdurusa, sa ilang, at kinapopootan ng aming mga kapatid, na naging sanhi ng mga digmaan at alitan; kung kaya nga, ipinagdadalamhati namin ang aming mga araw.
27 At ako, si Jacob, ay nadamang malapit na akong bumaba sa aking libingan; kaya nga, sinabi ko sa aking anak na si [a]Enos: Kunin mo ang mga laminang ito. At sinabi ko sa kanya ang mga bagay na [b]iniutos sa akin ng aking kapatid na si Nephi, at nangako siyang susunod sa mga utos. At tinatapos ko ang aking pagsusulat sa mga laminang ito, kung aling nasusulat ay kakaunti lamang; at nagpapaalam ako sa mambabasa, umaasa na marami sa aking mga kapatid ang makababasa ng aking mga salita. Mga kapatid, paalam.

# ANG AKLAT NI ENOS

*Si Enos ay nanalangin nang buong lakas at nagtamo ng kapatawaran ng kanyang mga kasalanan—Ang tinig ng Panginoon ay sumaisip niya, nangangako ng kaligtasan para sa mga Lamanita sa darating na araw—Nagsikap ang mga Nephita na maibalik ang mga Lamanita—Si Enos ay nagalak sa kanyang Manunubos. Mga 420* B.C.

MASDAN, ito ay nangyari na, na ako, si [a]Enos, na nakakikilala sa aking ama na [b]siya ay isang makatarungang tao—sapagkat [c]tinuruan niya ako sa kanyang wika, at gayundin sa [d]pag-aalaga at pagpapayo ng Panginoon—at purihin ang pangalan ng aking Diyos dahil dito.
2 At sasabihin ko sa inyo ang [a]pakikipagtunggaling aking ginawa sa harapan ng Diyos, bago ko natanggap ang [b]kapatawaran ng aking mga kasalanan.
3 Masdan, ako ay humayo upang mangaso sa mga kagubatan; at ang mga salitang madalas kong marinig na sinasabi ng aking ama hinggil sa buhay na walang hanggan, at ang [a]kagalakan ng mga banal, ay tumimo nang [b]malalim sa aking puso.
4 At ang aking kaluluwa ay [a]nagutom; at ako ay [b]lumuhod sa harapan ng aking Lumikha, at ako ay nagsumamo sa kanya

26*b* Sant. 4:14.
27*a* Enos 1:1.
*b* Jac. 1:1–4.
[ENOS]
**1** 1*a* GBK Enos, Anak ni Jacob.
*b* 2 Ne. 2:2–4.
*c* 1 Ne. 1:1–2.
*d* Ef. 6:4.
2*a* Gen. 32:24–32; Alma 8:10. GBK Magsisi, Pagsisisi.
*b* GBK Kapatawaran ng mga Kasalanan.
3*a* GBK Kagalakan.
*b* 1 Ne. 10:17–19; Alma 36:17–21.
4*a* 2 Ne. 9:51; 3 Ne. 12:6.
*b* GBK Paggalang.

sa mataimtim na [c]panalangin at
hinaing para sa aking sariling
kaluluwa; at sa buong araw ako
ay nagsumamo sa kanya; oo, at
nang dumating ang gabi ay ini-
lakas ko pa ang aking tinig sa
kaitaasan kung kaya't iyon ay
nakarating sa kalangitan.
5 At doon ay nangusap ang
isang [a]tinig sa akin, sinasabing:
Enos, ang iyong mga kasalanan
ay pinatatawad na, at ikaw ay
pagpapalain.
6 At ako, si Enos, nalalaman
na ang Diyos ay hindi maka-
pagsisinungaling, kaya nga, ang
aking pagkakasala ay napalis.
7 At aking sinabi: Panginoon,
paano ito nangyari?
8 At sinabi niya sa akin: Dahil
sa iyong [a]pananampalataya kay
Cristo, na hindi mo pa kailan-
man narinig o nakita. At mara-
ming taon ang lilipas bago niya
ipakikita ang kanyang sarili
sa laman; samakatwid humayo
ka, ang iyong pananampalataya
ang [b]nagpagaling sa iyo.
9 Ngayon, ito ay nangyari na,
nang aking marinig ang mga
salitang ito, ako ay nagsimulang
makadama ng [a]pagnanais para
sa kapakanan ng aking mga ka-
patid, ang mga Nephita; kung
kaya't [b]ibinuhos ko ang aking
buong kaluluwa sa Diyos para
sa kanila.
10 At samantalang ako ay nasa
gayong pagpupunyagi sa es-
piritu, masdan, ang tinig ng
Panginoon ay [a]sumaisip kong
muli, sinasabing: Ako ay dada-
law sa iyong mga kapatid alin-
sunod sa kanilang pagsusumi-
gasig sa pagsunod sa aking mga
kautusan. [b]Ibinigay ko sa kanila
ang lupaing ito, at ito ay isang
banal na lupain; at ito ay hindi
ko [c]isusumpa maliban sa kada-
hilanan ng kasamaan; anupa't
ako ay dadalaw sa iyong mga
kapatid alinsunod sa aking si-
nabi; at ang kanilang mga kasa-
lanan ay ipapataw ko nang may
kalungkutan sa kanilang sari-
ling mga ulo.
11 At matapos na ako, si Enos,
ay marinig ang mga salitang ito,
ang aking pananampalataya ay
nagsimulang maging matatag sa
Panginoon; at ako ay nanala-
ngin sa kanya sa mahabang pag-
pupunyagi para sa aking mga
kapatid, ang mga Lamanita.
12 At ito ay nangyari na, na
matapos na ako ay [a]manala-
ngin at nagpagal nang buong
pagsusumigasig, ang Pangino-
on ay nagsabi sa akin: Ipagka-
kaloob ko sa iyo ang alinsunod
sa iyong mga [b]naisin, dahil sa
iyong pananampalataya.
13 At ngayon, masdan, ito ang
naising hiniling ko sa kanya—
na kung mangyayari, na ang
aking mga tao, ang mga Nephi-
ta, ay mahuhulog sa paglabag,
at sa anumang paraan ay [a]mali-

4*c* GBK Panalangin.
5*a* GBK Paghahayag.
8*a* Eter 3:12–13. GBK Pananampalataya.
*b* Mat. 9:22.
9*a* 1 Ne. 8:12; Alma 36:24.
*b* 2 Ne. 33:3; S ni M 1:8; Alma 34:26–27.
10*a* GBK Inspirasyon; Isipan.
*b* 1 Ne. 2:20.
*c* Eter 2:7–12.
12*a* Morm. 5:21; 9:36.
*b* Awit 37:4; 1 Ne. 7:12; Hel. 10:5.
13*a* Morm. 6:1, 6.

pol, at ang mga Lamanita ay
hindi malilipol, na ang Pangino-
ong Diyos ay [b]mangangalaga ng
talaan ng aking mga tao, ang
mga Nephita; maging ito man
ay sa pamamagitan ng kapang-
yarihan ng kanyang banal na
bisig, nang ito ay [c]madala sa
mga darating na araw sa mga
Lamanita, na baka sakali, sila
ay [d]madala sa kaligtasan—
14 Sapagkat sa kasalukuyan,
ang aming pagpupunyaging
mapanumbalik sila sa tunay
na pananampalataya ay [a]walang
saysay. At sila ay sumumpa sa
kanilang kapootan na kung ma-
aari, [b]wawasakin nila kami at
ang aming mga talaan, at ga-
yundin ang lahat ng kaugalian
ng aming mga ama.
15 Samakatwid, ako, nalala-
mang [a]mapangangalagaan ng
Panginoong Diyos ang aming
mga talaan, ako ay patuloy na
nagsumamo sa kanya, sapagkat
sinabi niya sa akin: Ang anu-
mang bagay na iyong hihingin
nang may pananampalataya,
naniniwalang iyong tatangga-
pin sa pangalan ni Cristo, ito ay
matatanggap mo.
16 At ako ay may pananampa-
lataya, at ako ay nagsumamo sa
Diyos na kanyang [a]pangalagaan
ang mga [b]talaan, at siya ay naki-
pagtipan sa akin na kanya itong
[c]dadalhin sa mga Lamanita sa
kanyang sariling takdang pa-
nahon.
17 At ako, si Enos, nalalamang
ito ay alinsunod sa tipang kan-
yang ginawa; kaya nga, ang
aking kaluluwa ay napayapa.
18 At sinabi sa akin ng Pa-
nginoon: Ang iyong mga ama
ay humiling din sa akin ng ba-
gay na ito; at ito ay mangyayari
sa kanila alinsunod sa kanilang
pananampalataya; sapagkat ang
kanilang pananampalataya ay
katulad din ng sa iyo.
19 At ngayon ito ay nangyari
na, na ako, si Enos, ay humayo
sa mga tao ni Nephi, nagpopro-
pesiya ng mga bagay na dara-
ting, at nagpapatotoo sa mga ba-
gay na aking narinig at nakita.
20 At ako ay nagpapatotoo na
ang mga tao ni Nephi ay buong
sigasig na nagsikap upang ma-
panumbalik ang mga Lamanita
sa tunay na pananampalataya sa
Diyos. Ngunit ang aming mga
[a]pagpapagal ay nawalan ng say-
say; ang kanilang poot ay di ma-
tinag, at sila ay naakay ng kani-
lang likas na kasamaan kaya
nga't sila ay naging mababa-
ngis, at malulupit, at mga taong
[b]uhaw sa dugo, puno ng pag-
samba sa [c]diyus-diyusan at ka-
rumihan; nabubusog sa mga ha-
yop na maninila; nananahanan

13*b* S ni M 1:6–11; Alma 37:2.
*c* Alma 37:19; Eter 12:22; D at T 3:18.
*d* Alma 9:17.
14*a* Jac. 7:24.
*b* Morm. 6:6.
15*a* GBK Banal na Kasulatan, Mga—Mga banal na kasulatan dapat pangalagaan.
16*a* 3 Ne. 5:13–15; D at T 3:19–20; 10:46–50.
*b* GBK Aklat ni Mormon.
*c* 2 Ne. 27:6.
20*a* Moro. 9:6.
*b* Jar. 1:6.
*c* Mos. 9:12. GBK Pagsamba sa Diyus-diyusan.

sa mga tolda, at gumagala sa
ilang na may isang maigsing
bigkis na balat sa kanilang
mga balakang at ang kanilang
mga ulo ay ahit; at ang kani-
lang kahusayan ay sa [d]pana,
at sa simitar at sa palakol. At
karamihan sa kanila ay hindi
kumakain maliban sa ito ay
hilaw na karne; at sila ay patu-
loy na naghahangad na lipulin
kami.
21 At ito ay nangyari na, na
ang mga tao ni Nephi ay nag-
bungkal ng lupa, at [a]nagtanim
ng lahat ng uri ng butil, at bu-
ngang-kahoy, at mga kawan ng
mga hayop, at mga kawan ng
lahat ng uri ng baka, at mga
kambing, at maiilap na kam-
bing, at gayundin ng maraming
kabayo.
22 At lubhang maraming [a]pro-
peta sa amin. At ang mga tao ay
mga taong [b]matitigas ang leeg,
mahirap makaunawa.
23 At wala nang ibang bagay
maliban sa [a]karahasan, [b]panga-
ngaral at pagpopropesiya ng
mga digmaan, at mga alitan, at
mga pagkawasak, at patuloy na
[c]pagpapaalaala sa kanila ng ka-
matayan, at ng tagal ng kawa-
lang-hanggan, at ng mga hatol
at ng kapangyarihan ng Diyos,
at lahat ng bagay na yaon—
[d]patuloy na pinupukaw sila
upang manatili sila sa pagkata-
kot sa Panginoon. Sinasabi ko
na walang kulang sa mga ba-
gay na ito, at labis na malaking
kalinawan ng pananalita, ang
mag-aadya sa kanila mula sa
mabilis na pagbaba sa pagkali-
pol. At ayon sa ganitong pama-
maraan, ako ay sumulat hinggil
sa kanila.
24 At nakita ko ang mga digma-
ang namagitan sa mga Nephita
at Lamanita sa paglipas ng
aking mga araw.
25 At ito ay nangyari na, na
ako ay nagsimulang tumanda,
at isandaan at pitumpu at si-
yam na taon na ang lumipas
mula sa panahon na ang aming
amang si Lehi ay [a]lumisan sa
Jerusalem.
26 At nadama ko na sa mada-
ling panahon ako ay bababa na
sa aking libingan, na naatasan
sa pamamagitan ng kapangya-
rihan ng Diyos na ako ay kaila-
ngang mangaral at magprope-
siya sa mga taong ito, at ipaha-
yag ang salita alinsunod sa ka-
totohanan na na kay Cristo. At
ipinahayag ko iyon sa lahat ng
aking mga araw, at nagsaya sa
mga iyon nang higit sa anupa-
man sa daigdig.
27 At ako sa madaling panahon
ay tutungo sa pook ng aking
[a]kapahingahan, kung saan ko
makakasama ang aking Manu-
nubos; sapagkat alam ko na sa
kanya ako ay magkakaroon ng
pamamahinga. At ako ay mag-
sasaya sa araw na ang aking
[b]pagiging may kamatayan ay

20*d* Mos. 10:8.
21*a* Mos. 9:9.
22*a* S ni M 1:16–18.
*b* Jar. 1:3.
23*a* 1 Ne. 16:2;
2 Ne. 33:5.
*b* GBK Mangaral.
*c* Hel. 12:3.
*d* Jar. 1:12;
Alma 31:5.
25*a* 1 Ne. 2:2–4.
27*a* GBK Kapahingahan.
*b* GBK Tiyak na
Pagkamatay, May
Kamatayan.

mabibihisan ng [c]kawalang-ka-
matayan, at tatayo sa kanyang
harapan; sa gayon, makikita ko
ang kanyang mukha nang may
katuwaan, at sasabihin niya sa
akin: Lumapit ka sa akin, ikaw
na pinagpala, may isang pook
na inihanda para sa iyo sa
mga [d]mansiyon ng aking Ama.
Amen.

# ANG AKLAT NI JAROM

*Sinunod ng mga Nephita ang mga batas ni Moises, umasa sa pagparito ni Cristo, at umunlad sa lupain—Maraming propeta ang nagpagal upang mapanatili ang mga tao sa landas ng katotohanan. Mga 399–361 B.C.*

NGAYON masdan, ako, si
Jarom, ay sumusulat ng
ilang salita alinsunod sa kautu-
san ng aking ama, si Enos,
upang maingatan ang aming
[a]talaangkanan.
2 At dahil sa [a]maliliit ang mga
laminang [b]ito, at dahil ang mga
bagay na ito ay [c]nasusulat sa
paghahangad ng kapakanan ng
aming mga kapatid, ang mga
[d]Lamanita, anupa't talagang
kinakailangang makapagsulat
ako nang kaunti; subalit hindi
ako magsusulat ng mga bagay
ng aking pagpopropesiya, ni
ng aking mga paghahayag. Sa-
pagkat ano pa ba ang maisusu-
lat ko na makahihigit pa kaysa
mga naisulat na ng aking mga
ama? Sapagkat hindi ba't kani-
lang inihayag ang plano ng ka-
ligtasan? Sinasabi ko sa inyo,
Oo; at sapat na ito sa akin.
3 Masdan, kinakailangang ma-
rami pa ang gawin sa mga taong
ito, dahil sa katigasan ng kani-
lang mga puso, at sa kabingihan
ng kanilang mga tainga, at sa
kabulagan ng kanilang mga isi-
pan, at sa [a]katigasan ng kani-
lang mga leeg; gayon pa man,
labis na maawain ang Diyos sa
kanila, at hindi pa sila [b]pinapalis
sa ibabaw ng lupain.
4 At marami sa amin ang naka-
tatanggap ng maraming [a]pag-
hahayag, sapagkat hindi lahat
sila ay matitigas ang leeg. At
kasindami ng hindi matitigas
ang leeg at may pananampala-
taya, ay may [b]pakikipag-ugna-
yan sa Banal na Espiritu, na
nagbibigay-alam sa mga anak
ng tao, alinsunod sa kanilang
pananampalataya.

26*c* GBK Kawalang-kamatayan, Walang Kamatayan.
*d* Juan 14:2–3; Eter 12:32–34; D at T 72:4; 98:18.
[JAROM]
**1** 1*a* 1 Ne. 3:12; 5:14.
2*a* 1 Ne. 6:1–6.
*b* Jac. 3:14; Omni 1:1.
*c* GBK Banal na Kasulatan, Mga—Kahalagahan ng mga banal na kasulatan.
*d* 2 Ne. 27:6; Morm. 5:12.
3*a* Enos 1:22–23.
*b* Eter 2:8–10.
4*a* Alma 26:22; Hel. 11:23; D at T 107:18–19. GBK Paghahayag.
*b* GBK Espiritu Santo.

5 At ngayon, masdan, nakali-
pas na ang dalawang daang
taon, at ang mga tao ni Nephi
ay naging makapangyarihan
sa lupain. Pinagsikapan nilang
[a]sundin ang mga batas ni Moi-
ses at gawing banal ang araw
ng [b]sabbath sa Panginoon. At
hindi sila nawalan ng [c]pitagan;
ni [d]nanlapastangan sila. At ang
mga batas ng lupain ay napa-
kahigpit.
6 At nakakalat sila sa halos la-
hat ng dako ng lupain, at gayon
din ang mga Lamanita. At higit
silang nakararami kaysa sa
mga Nephita; at ikinagagalak
nila ang [a]pumaslang at iniinom
ang dugo ng mga hayop.
7 At ito ay nangyari na, na ma-
raming ulit silang sumalakay
laban sa amin, na mga Nephita,
upang makidigma. Subalit ang
aming mga [a]hari at aming mga
pinuno ay mga makapangyari-
hang lalaki sa pananampalata-
ya sa Panginoon; at itinuro nila
sa mga tao ang mga landas ng
Panginoon; anupa't nalabanan
namin ang mga Lamanita at
naitaboy silang palabas ng
[b]aming mga lupain, at nagsi-
mulang patibayin ang aming
mga lunsod, o alinmang lugar
na aming mana.
8 At labis kaming dumami, at
nagsikalat sa ibabaw ng lupain,
at naging labis na mayaman sa
ginto, at sa pilak, at sa mahaha-
lagang bagay, at sa mahusay na
pagyari ng kahoy, sa mga gu-
sali, at sa mga makinarya, at ga-
yon din sa bakal at tanso, at
asero, gumagawa ng lahat ng
uri ng kagamitan ng bawat
uri upang makapagbungkal ng
lupa, at mga [a]sandata ng digma-
an—oo, ang matulis na palaso,
at ang sisidlan ng pana, at ang
tunod, at ang sibat, at lahat ng
paghahanda para sa digmaan.
9 At sa gayon nakahandang ha-
rapin ang mga Lamanita, hindi
sila namayani laban sa amin.
Subalit ang salita ng Pangino-
on ay napatunayan, na kan-
yang sinabi sa aming mga ama,
sinasabi na: Habang inyong si-
nusunod ang aking mga kautu-
san kayo ay uunlad sa lupain.
10 At ito ay nangyari na, na bi-
nigyang-babala ng mga propeta
ng Panginoon ang mga tao ni
Nephi, alinsunod sa salita ng
Diyos, na kung hindi nila susun-
din ang mga kautusan, bagkus
ay mahuhulog sa paglabag, na
kinakailangan silang [a]lipulin
mula sa ibabaw ng lupain.
11 Kaya nga, ang mga prope-
ta, at ang mga saserdote, at ang
mga guro, ay masisigasig na
nagpagal, pinapayuhan nang
may mahabang pagtitiis ang
mga tao na magsumigasig; iti-
nuturo ang mga [a]batas ni Moi-
ses, at ang hangarin ng pagbi-
bigay nito; hinihikayat silang

5*a* 2 Ne. 25:24; Alma 34:13–14.
*b* Ex. 35:2. GBK Araw ng Sabbath.
*c* GBK Pagkawalang-galang.
*d* GBK Lapastangan, Kalapastanganan.
6*a* Jac. 7:24; Enos 1:20.
7*a* Jac. 1:9, 11, 15.
*b* S ni M 1:14.
8*a* Mos. 10:8.
10*a* 1 Ne. 12:19–20; Omni 1:5.
11*a* Jac. 4:5; Alma 25:15–16.

[b]umasa sa Mesiyas, at maniwa-
lang siya ay paparito na [c]para
bagang pumarito na siya. At sa
ganitong pamamaraan nila ti-
nuruan sila.
12 At ito ay nangyari na, na sa
paggawa nito ay naiadya nila ang
kanilang [a]pagkalipol sa ibabaw
ng lupain; sapagkat [b]dinuro nila
ang kanilang mga puso sa pa-
mamagitan ng salita, patuloy na
pinupukaw sila sa pagsisisi.
13 At ito ay nangyari na, na
lumipas ang dalawang daan at
tatlumpu at walong taon—
alinsunod sa alitan, at mga ka-
guluhan, at mga pagtatalu-talo,
sa loob ng maraming panahon.
14 At ako, si Jarom, ay hindi
na magsusulat pa, sapagkat
maliliit ang mga lamina. Suba-
lit masdan, aking mga kapatid,
maaari kayong sumangguni sa
[a]isa pang mga lamina ni Nephi;
sapagkat masdan, sa mga yaon
nauukit ang mga talaan ng
aming mga digmaan, ayon sa
mga sulat ng mga hari, o yaong
mga ipinasulat nila.
15 At ibinibigay ko ang mga la-
minang ito sa mga kamay ng
aking anak na lalaki na si Omni,
upang ang mga ito ay mainga-
tan alinsunod sa mga [a]kautusan
ng aking mga ama.

# ANG AKLAT NI OMNI

*Sina Omni, Ameron, Chemis, Abinadom, at Amaleki ay nagsalit-salit sa pangangalaga sa mga talaan—Natagpuan ni Mosias ang mga tao ni Zarahemla, na nagmula pa sa Jerusalem sa mga panahon ni Zedekias—Ginawa si Mosias na hari nila—Natagpuan ng mga Mulekita si Coriantumer, ang natira sa mga Jaredita—Si Haring Benjamin ang humalili kay Mosias—Dapat ialay ng mga tao ang kanilang mga kaluluwa bilang handog kay Cristo. Mga 323–130* B.C.

MASDAN, ito ay nangyari
na, na ako, si Omni, na
inutusan ng aking ama, si
Jarom, na dapat akong magsulat
kahit paano sa mga laminang
ito, upang mapangalagaan ang
aming talaangkanan—
2 Anupa't sa mga araw ko, nais
kong malaman ninyo na naki-
paglaban ako nang husto sa pa-
mamagitan ng espada upang
mapangalagaan ang aking mga
tao, ang mga Nephita, mula sa
pagkahulog sa mga kamay ng
kanilang mga kaaway, ang mga
Lamanita. Subalit masdan, ako
rin sa aking sarili ay isang masa-
mang tao, at hindi ko sinunod
ang mga batas at ang mga ka-
utusan ng Panginoon na dapat
ko sanang ginawa.
3 At ito ay nangyari na, na lu-

11*b* 2 Ne. 11:4; Eter 12:18–19.
*c* 2 Ne. 25:24–27; Mos. 3:13; 16:6.
12*a* Eter 2:10.
*b* Alma 31:5.
14*a* 1 Ne. 9:2–4.
15*a* Jac. 1:1–4.

mipas ang dalawang daan at
pitumpu at anim na taon, at
nagkaroon kami ng mahabang
panahon ng kapayapaan; at
nagkaroon kami ng mahabang
panahon ng malubhang dig-
maan at pagdanak ng dugo.
Oo, at sa madaling salita, lumi-
pas ang dalawang daan at wa-
lumpu at dalawang taon, at ini-
ngatan ko ang mga laminang
ito alinsunod sa mga [a]kautusan
ng aking mga ama; at ipinagka-
tiwala ko ang mga ito sa aking
anak na lalaki na si Ameron. At
ako ay nagtatapos.
4 At ngayon, ako, si Ameron,
ay isinusulat ang anumang mga
bagay na aking maisusulat, na
kakaunti, sa aklat ng aking ama.
5 Masdan, ito ay nangyari na,
na lumipas ang tatlong daan at
dalawampung taon, at ang higit
na masasamang bahagi ng mga
Nephita ay [a]nalipol.
6 Sapagkat hindi pahihintulu-
tan ng Panginoon, matapos niya
silang akayin palabas ng lupain
ng Jerusalem at inaruga at pi-
nangalagaan sila upang hindi
bumagsak sa mga kamay ng
kanilang mga kaaway, oo, hin-
di niya ipahihintulot na hindi
mapatunayan ang mga salita,
na kanyang sinabi sa aming mga
ama, sinasabi na: Habang hindi
kayo sumusunod sa aking mga
kautusan kayo ay hindi uunlad
sa lupain.
7 Kaya nga, pinarusahan sila
ng Panginoon sa dakilang pag-
hahatol; gayon pa man, kinaa-
waan niya ang mga matwid
upang hindi sila mangasawi,
kundi iniligtas sila mula sa
mga kamay ng kanilang mga
kaaway.
8 At ito ay nangyari na, na ibi-
nigay ko ang mga lamina sa
aking kapatid na si Chemis.
9 Ngayon ako, si Chemis, ay
isinusulat ang kaunting bagay
na aking maisusulat, sa yaon
ding aklat na kasama ng aking
kapatid; sapagkat masdan, na-
kita ko ang huli niyang isi-
nulat, na isinulat niya ito sa
pamamagitan ng sarili niyang
kamay; at isinulat niya ito sa
araw na ibinigay niya ang mga
ito sa akin. At sa ganitong pa-
mamaraan namin iningatan
ang mga talaan, sapagkat alin-
sunod ito sa mga kautusan ng
aming mga ama. At ako ay nag-
tatapos.
10 Masdan, ako, si Abinadom,
ay anak na lalaki ni Chemis.
Masdan, ito ay nangyari na, na
nakakita ako ng maraming dig-
maan at kaguluhan sa pagitan
ng aking mga tao, ang mga Ne-
phita, at ang mga Lamanita; at
ako, sa pamamagitan ng aking
sariling espada, ay kinitil ang
buhay ng marami sa mga
Lamanita sa pagtatanggol sa
aking mga kapatid.
11 At masdan, ang talaan ng
mga taong ito ay nauukit sa
mga laminang nasa pag-iingat
ng mga hari, alinsunod sa mga
salinlahi; at walang paghaha-
yag akong nalalaman maliban
sa mga yaong nasusulat, ni
propesiya; anupa't sapat na



**1** 3*a* Jac. 1:1–4; Jar. 1:15.
5*a* Jar. 1:9–10.

ang yaong nasusulat. At ako ay nagtatapos.

12 Masdan, ako si Amaleki, ang anak na lalaki ni Abinadom. Masdan, ako ay mangungusap sa inyo kahit paano hinggil kay Mosias, na siyang ginawang hari sa lupain ng Zarahemla; sapagkat masdan, siya na binigyang-babala ng Panginoon na dapat siyang tumakas palabas ng lupain ng [a]Nephi, at kasindami ng makikinig sa tinig ng Panginoon ay nararapat ding [b]lisanin ang lupain na kasama niya, patungo sa ilang—

13 At ito ay nangyari na, na ginawa niya ang naaayon sa iniutos sa kanya ng Panginoon. At nilisan nila ang lupain patungo sa ilang, kasindami ng nakinig sa tinig ng Panginoon; at pinatnubayan sila sa pamamagitan ng maraming pangangaral at pagpopropesiya. At patuloy silang pinaaalalahanan sa pamamagitan ng salita ng Diyos; at inakay sila sa pamamagitan ng lakas ng kanyang bisig, mula sa ilang hanggang sa makarating sila sa lupaing tinatawag na lupain ng Zarahemla.

14 At natagpuan nila ang isang pangkat ng mga tao, na tinatawag na mga tao ni [a]Zarahemla. Ngayon, nagkaroon ng labis na pagsasaya sa mga tao ni Zarahemla; at labis ding nagalak si Zarahemla, sapagkat isinugo ng Panginoon ang mga tao ni Mosias na dala ang mga [b]laminang tanso na naglalaman ng talaan ng mga Judio.

15 Masdan, ito ay nangyari na, na natuklasan ni Mosias na ang mga [a]tao ni Zarahemla ay nagmula sa Jerusalem sa panahon na si [b]Zedekias, ang hari ng Juda, ay dinalang bihag sa Babilonia.

16 At naglakbay sila sa ilang, at dinala ng kamay ng Panginoon sa kabila ng malalaking tubig, sa lupain kung saan sila natagpuan ni Mosias; at simula noon ay roon na sila nanirahan.

17 At sa panahong natagpuan sila ni Mosias, labis na ang kanilang idinami. Gayon pa man, nagkaroon na sila ng maraming digmaan at malulubhang alitan, at mga bumagsak sa pamamagitan ng espada sa panapanahon; at ang kanilang wika ay naging marumi; at wala silang dinalang mga [a]talaan; at itinatwa nila ang pagkatao ng kanilang Lumikha; at si Mosias, ni ang mga tao ni Mosias ay hindi sila maunawaan.

18 Subalit ito ay nangyari na, na nag-utos si Mosias na turuan sila ng kanyang wika. At ito ay nangyari na, na matapos silang maturuan ng wika ni Mosias, si Zarahemla ay nagbigay ng talaangkanan ng kanyang mga ama, ayon sa kanyang alaala; at ang mga ito ay isinulat, subalit hindi sa mga laminang ito.

19 At ito ay nangyari na, na ang mga tao ni Zarahemla, at ni

---

12*a* 2 Ne. 5:6–9.
*b* Jac. 3:4.
14*a* GBK Zarahemla.
*b* 1 Ne. 3:3, 19–20; 5:10–22.
15*a* Mos. 25:2.
*b* Jer. 39:1–10; Hel. 8:21.
17*a* Mos. 1:2–6.

Mosias ay [a]nagsama-sama; at si
[b]Mosias ay hinirang na maging
kanilang hari.
20 At ito ay nangyari na, na sa
panahon ni Mosias, may dina-
lang isang malaking bato sa
kanya na may mga nakaukit; at
[a]ipinaliwanag niya ang mga na-
uukit sa pamamagitan ng ka-
loob at kapangyarihan ng Diyos.
21 At nagbigay-salaysay ang
mga ito hinggil sa isang [a]Cori-
antumer, at sa pagkapatay ng
kanyang mga tao. At si Corian-
tumer ay natagpuan ng mga
tao ni Zarahemla; at namuhay
siyang kasama nila sa loob ng
siyam na buwan.
22 At naglalahad din ito ng
kaunting mga salita hinggil sa
kanyang mga ama. At ang kan-
yang unang mga magulang ay
nagmula sa [a]tore sa panahong
[b]nilito ng Panginoon ang wika
ng mga tao; at ang kabagsikan
ng Panginoon ay sumapit sa
kanila alinsunod sa kanyang
mga paghuhukom, na makata-
rungan; at ang kanilang mga
[c]buto ay nakakalat sa lupaing
pahilaga.
23 Masdan, ako, si Amaleki,
ay isinilang sa panahon ni Mo-
sias; at nabuhay ako hanggang
sa masaksihan ko ang kanyang
pagpanaw; at si [a]Benjamin, ang
kanyang anak na lalaki, ang hu-
malili sa kanyang paghahari.
24 At masdan, aking nakita, sa
panahon ni haring Benjamin,
ang isang malubhang digmaan
at labis na pagdanak ng dugo sa
pagitan ng mga Nephita at ng
mga Lamanita. Subalit masdan,
ang mga Nephita ay nagkaroon
ng malaking kalamangan sa ka-
nila; oo, kung kaya't naitaboy
silang palabas ni haring Benja-
min sa lupain ng Zarahemla.
25 At ito ay nangyari na, na
nagsimula akong tumanda; at,
sa kawalan ng binhi, at nalala-
mang si haring [a]Benjamin ay
isang makatarungang tao sa
harapan ng Panginoon, kaya
nga, [b]ibibigay ko ang mga la-
minang ito sa kanya, hinihika-
yat ang lahat ng tao na lumapit
sa Diyos, ang Banal ng Israel, at
maniwala sa pagpopropesiya,
at sa mga paghahayag, at sa
paglilingkod ng mga anghel, at
sa kaloob na pagsasalita ng
mga wika, at sa kaloob na pag-
papaliwanag ng mga wika, at
sa lahat ng [c]mabuting bagay;
sapagkat walang ano mang ba-
gay na mabuti maliban sa ito ay
nagmula sa Panginoon: at ya-
ong masama ay nagmumula sa
diyablo.
26 At ngayon, mga minama-
hal kong kapatid, nais kong
[a]lumapit kayo kay Cristo, na
siyang Banal ng Israel, at maki-
bahagi sa kanyang kaligtasan,
at sa kapangyarihan ng kan-
yang pagtubos. Oo, lumapit sa

19*a* Mos. 25:13.
*b* Omni 1:12.
20*a* Mos. 8:13–19.
GBK Tagakita.
21*a* Eter 12:1.
GBK Coriantumer.
22*a* Eter 1:1–5.
*b* Gen. 11:6–9;
Mos. 28:17; Eter 1:33.
*c* Mos. 8:8.
23*a* S ni M 1:3.
25*a* S ni M 1:17–18;
Mos. 29:13.
*b* S ni M 1:10.
*c* Alma 5:40; Eter 4:12;
Moro. 7:15–17.
26*a* Jac. 1:7; Alma 29:2;
Moro. 10:32.

kanya, at [b]ialay ang inyong buong kaluluwa bilang [c]handog sa kanya, at magpatuloy sa [d]pag-aayuno at pananalangin, at magtiis hanggang wakas; at yamang buhay ang Panginoon kayo ay maliligtas.
27 At ngayon mangungusap ako kahit paano hinggil sa ilang katao na umahon sa ilang upang bumalik sa lupain ng Nephi; sapagkat may malaking bilang ang nagnais na maangkin ang lupaing kanilang mana.
28 Kaya nga, umahon sila sa ilang. At ang kanilang pinuno sapagkat malakas at makapangyarihang lalaki, at isang lalaking matigas ang leeg, anupa't naging sanhi siya ng alitan sa kanila; at silang lahat ay [a]napatay, maliban sa limampu, sa ilang, at muli silang bumalik sa lupain ng Zarahemla.
29 At ito ay nangyari na, na nakapagsama sila ng marami pang iba, at muli silang naglakbay patungo sa ilang.
30 At ako, si Amaleki, ay may isang kapatid na lalaki, na sumama rin sa kanila; at simula noon ay wala na akong nabalitaan pa hinggil sa kanila. At nalalapit na akong humimlay sa aking libingan; at puno na ang mga laminang [a]ito. At tinatapos ko ang aking pananalita.

# ANG MGA SALITA NI MORMON

*Pinaikli ni Mormon ang malalaking lamina ni Nephi—Isinama niya ang maliliit na lamina sa ibang mga lamina—Si Haring Benjamin ay nagtatag ng kapayapaan sa lupain. Mga A.D. 385.*

AT ngayon ako, si [a]Mormon, na nahahanda nang ibigay ang talaang aking ginagawa sa mga kamay ng aking anak na lalaking si Moroni, masdan, aking nasaksihan ang halos buong pagkalipol ng aking mga tao, ang mga Nephita.
2 At [a]maraming daang taon na ang nakalipas matapos ang pagparito ni Cristo nang ibigay ko ang mga talaang ito sa mga kamay ng aking anak; at inaakala kong masasaksihan niya ang ganap na pagkalipol ng aking mga tao. Subalit ipagkaloob nawa ng Diyos na makaligtas siya sa kanila, upang makasulat siya kahit paano ng hinggil sa kanila, at kahit paano hinggil kay Cristo, na baka sakali isang araw ay [b]mapakinabangan nila.
3 At ngayon, mangungusap ako kahit paano hinggil sa yaong aking naisulat na; sapagkat

26*b* GBK Hain.
*c* 3 Ne. 9:20.
*d* GBK Ayuno, Pag-aayuno.
28*a* Mos. 9:1–4.
30*a* 1 Ne. 6:1–6.

[MGA SALITA NI MORMON]
**1** 1*a* 3 Ne. 5:9–12; Morm. 1:1–4; 8:1, 4–5. GBK Mormon, Propetang Nephita.
2*a* Morm. 6:5–6.
*b* D at T 3:16–20.

matapos akong makagawa ng
[a]pinaikling ulat mula sa mga
[b]lamina ni Nephi, hanggang sa
paghahari nitong si haring
Benjamin, na nabanggit ni Ama-
leki, sinaliksik ko ang mga [c]ta-
laang ibinigay sa aking mga
kamay, at natagpuan ko ang
mga laminang ito, na naglala-
man nitong maikling ulat ng
mga propeta, mula kay Jacob
hanggang sa paghahari nitong
si haring [d]Benjamin, at marami
rin sa mga salita ni Nephi.
4 At ang mga bagay na nasa
mga laminang ito ay [a]nakasisi-
ya sa akin, dahil sa mga prope-
siya tungkol sa pagparito ni
Cristo; at nalalaman ng aking
mga ama na marami sa mga ito
ang natupad na; oo, at nalala-
man ko rin na kasindami ng
mga naipropesiya hinggil sa
amin hanggang sa panahong
ito ay natupad na, at kasindami
sa mga mangyayari pa lamang
sa panahong ito ay tiyak na
mangyayari—
5 Dahil dito, pinili ko ang mga
bagay na [a]ito, upang tapusin
ang aking talaan tungkol sa
kanila, kung aling nalalabi sa
aking mga talaan ay hahanguin
ko mula sa mga [b]lamina ni Ne-
phi; at hindi ko kayang isulat
ang [c]ika-isandaang bahagi man
lamang ng mga bagay ng aking
mga tao.
6 Subalit masdan, kukunin ko
ang mga laminang ito, na nag-
lalaman ng mga pagpopropesi-
yang ito at mga paghahayag, at
isasama ang mga ito sa mga
labi ng aking talaan, sapagkat
mahahalaga ang mga ito sa
akin; at nalalaman kong magi-
ging mahalaga ang mga ito sa
aking mga kapatid.
7 At gagawin ko ito para sa
isang [a]matalinong layunin; sa-
pagkat ganito ang bulong sa
akin, alinsunod sa mga pama-
matnubay ng Espiritu ng Pa-
nginoon na nasa akin. At nga-
yon, hindi ko nalalaman ang
lahat ng bagay; subalit nalala-
man ng Panginoon ang lahat
ng bagay na darating; anupa't
pinapatnubayan niya ako na
gumawa alinsunod sa kanyang
kalooban.
8 At ang [a]panalangin ko sa
Diyos ay hinggil sa aking mga
kapatid, na muli silang maka-
rating sa kaalaman ng Diyos,
oo, ang pagtubos ni Cristo; na
muli silang maging mga [b]ka-
aya-ayang tao.
9 At ngayon ako, si Mormon,
ay magpapatuloy na tapusin ang
aking talaan, na aking hahangu-
in mula sa mga lamina ni Nephi;
at gagawin ko ito alinsunod sa
kaalaman at pang-unawang ibi-
nigay sa akin ng Diyos.
10 Samakatwid, ito ay nang-

3*a* D at T 10:44.
*b* D at T 10:38–40.
*c* Mos. 1:6; Hel. 3:13–15; Morm. 4:23.
*d* Omni 1:23.
4*a* 1 Ne. 6:5.
5*a* IE ang mga bagay na kalugud-lugod sa kanya, na binabanggit sa talata 4.
*b* 1 Ne. 9:2.
*c* 3 Ne. 5:8–11; 26:6–12.
7*a* 1 Ne. 9:5; 19:3; D at T 3:12–20; 10:1–19, 30–47.
8*a* 2 Ne. 33:3–4; Enos 1:11–12.
*b* 2 Ne. 30:6.

yari na, na matapos [a]ibigay ni
Amaleki ang mga laminang ito
sa mga kamay ni haring Benja-
min, na kanyang kinuha ang
mga ito at isinama sa [b]iba pang
mga lamina, na naglalaman ng
mga talaang pinagpasa-pasahan
ng mga [c]hari, sa bawat sali't sa-
linlahi hanggang sa panahon ni
haring Benjamin.
11 At ipinasa-pasa ang mga
ito mula kay haring Benjamin,
sa bawat sali't salinlahi hang-
gang ang mga ito ay [a]napasa
aking mga kamay. At ako, si
Mormon, ay nananalangin sa
Diyos na mapangalagaan ang
mga ito mula sa panahong ito.
At nalalaman kong mapanga-
ngalagaan ang mga ito; sapag-
kat may mga dakilang bagay
na nasusulat sa mga ito, kung
saan [b]hahatulan ang aking mga
tao at ang kanilang mga kapa-
tid sa dakila at huling araw,
alinsunod sa salita ng Diyos na
nasusulat.
12 At ngayon, hinggil sa haring
Benjamin na ito—nagkaroon
siya ng mga bahagyang alitan
sa sarili niyang mga tao.
13 At ito rin ay nangyari na,
na sumalakay ang mga hukbo
ng mga Lamanita sa [a]lupain ng
Nephi, upang makidigma sa
kanyang mga tao. Subalit mas-
dan, kinalap ni haring Benja-
min ang kanyang mga hukbo,
at nilabanan niya sila; at luma-
ban siya sa lakas ng kanyang
sariling bisig, sa pamamagitan
ng [b]espada ni Laban.
14 At sa lakas ng Panginoon ay
nakipaglaban sila sa kanilang
mga kaaway, hanggang sa naka-
patay sila ng libu-libong mga
Lamanita. At ito ay nangyari na,
na nakipaglaban sila sa mga
Lamanita hanggang sa kani-
lang maitaboy sila palabas sa
lahat ng lupaing kanilang mana.
15 At ito ay nangyari na, na
matapos magkaroon ng mga hu-
wad na [a]Cristo, at ang kanilang
mga bibig ay itinikom, at sila ay
pinarusahan alinsunod sa ka-
nilang mabibigat na kasalanan;
16 At matapos magkaroon ng
mga huwad na propeta, at hu-
wad na mangangaral at guro sa
mga tao, at lahat sila ay pinaru-
sahan alinsunod sa kanilang
mabibigat na kasalanan; at ma-
tapos magkaroon ng maraming
alitan at maraming pagtalikod
patungo sa mga Lamanita, mas-
dan, ito ay nangyari na, na si
haring Benjamin, sa tulong ng
mga banal na [a]propeta na nasa
kanyang mga tao—
17 Sapagkat masdan, si haring
Benjamin ay isang [a]banal na tao,
at namahala siya sa kanyang
mga tao sa katwiran; at mara-
ming banal na tao sa lupain, at
nangusap sila ng salita ng Diyos
nang may [b]kapangyarihan at
karapatan; at gumamit sila ng

10*a* Omni 1:25, 30.
*b* 1 Ne. 9:4.
*c* Jar. 1:14.
11*a* 3 Ne. 5:8–12; Morm. 1:1–5.
*b* 2 Ne. 25:18; 29:11; 33:11–15; 3 Ne. 27:23–27.
13*a* Omni 1:12.
*b* 1 Ne. 4:9; 2 Ne. 5:14; Jac. 1:10; Mos. 1:16; D at T 17:1.
15*a* GBK Anti-Cristo.
16*a* Enos 1:22.
17*a* Alma 13:26.
*b* Alma 17:2–3.

[c]katalasan dahil sa katigasan
ng leeg ng mga tao—
18 Dahil dito, sa tulong nila, si
haring Benjamin, sa pamamagitan ng paggawa nang buong
lakas ng kanyang katawan at
ng pandama ng kanyang buong kaluluwa, at gayon din
ang mga propeta, ay muling
nakapagtatag ng kapayapaan
sa lupain.

# ANG AKLAT NI MOSIAS

## KABANATA 1

*Tinuruan ni Haring Benjamin ang kanyang mga anak na lalaki ng wika at mga propesiya ng kanilang mga ama—Ang kanilang relihiyon at kabihasnan ay napangalagaan dahil sa mga talaang naingatan sa iba't ibang lamina—Si Mosias ay pinili na maging hari at ibinigay ang pangangalaga sa mga talaan at iba pang bagay. Mga 130–124 B.C.*

AT ngayon, wala nang alitan
sa buong [a]lupain ng Zarahemla, sa lahat ng taong nabibilang kay haring Benjamin,
kung kaya't si haring Benjamin
ay nagkaroon ng patuloy na
kapayapaan sa lahat ng nalalabi
niyang mga araw.
2 At ito ay nangyari na, na
siya ay nagkaroon ng tatlong
anak na lalaki; at tinawag niya
ang kanilang mga pangalang
Mosias, at Helorum, at Helaman. At kanyang [a]pinaturuan
sila ng lahat ng [b]wika ng kanyang mga ama, nang sa gayon
sila ay maging mga lalaking
may pang-unawa; at upang kanilang malaman ang hinggil sa
mga propesiyang sinabi ng mga
bibig ng kanilang mga ama, na
ibinigay sa kanila ng kamay ng
Panginoon.
3 At kanya ring itinuro sa kanila ang hinggil sa mga talaang
nauukit sa mga laminang tanso, sinasabing: Aking mga
anak, nais kong inyong pakatandaan na kung hindi sa mga
[a]laminang ito, na naglalaman
ng mga talaan at kautusang ito,
nagdusa na marahil tayo sa
[b]kamangmangan, maging hanggang sa ngayon, hindi nalalaman ang mga hiwaga ng Diyos.
4 Sapagkat hindi maaari na ang
ating ama, si Lehi, ay maalaala
ang lahat ng bagay na ito,
upang maituro ang mga yaon
sa kanyang mga anak, kung
hindi dahil sa tulong ng mga
laminang ito; sapagkat siya na
naturuan sa [a]wika ng mga taga-Egipto kaya nga magagawa niyang basahin ang mga nakaukit na ito, at ituro ang mga yaon
sa kanyang mga anak, nang sa

17*c* Moro. 9:4;
D at T 121:41–43.
[MOSIAS]
**1** 1*a* Omni 1:13.
2*a* Mos. 4:14–15;
D at T 68:25, 28.
*b* Morm. 9:32.
3*a* GBK Lamina, Mga.
*b* Alma 37:8–9.
4*a* JS—K 1:64.

gayon ay maituro nila ang mga
yaon sa kanilang mga anak, at
sa gayon naisasakatuparan ang
mga kautusan ng Diyos, ma-
ging hanggang sa ngayon.
5 Sinasabi ko sa inyo, aking
mga anak, kung hindi dahil sa
mga bagay na ito, na naingatan
at [a]napangalagaan ng kamay
ng Diyos, upang ating [b]mabasa
at maunawaan ang kanyang
mga [c]hiwaga, at panatilihin tu-
wina ang kanyang mga kautu-
san sa harapan ng ating mga
mata, na maging ang ating mga
ama ay nanghina marahil sa
kawalang-paniniwala, at mara-
hil tayo ay natulad na rin sa
ating mga kapatid, ang mga
Lamanita, na walang nalala-
man hinggil sa mga bagay na
ito, o maging sa hindi manini-
wala sa mga yaon kapag itinu-
ro ang mga yaon sa kanila,
dahil sa mga [d]kaugalian ng ka-
nilang mga ama, na hindi tama.
6 O aking mga anak, nais kong
inyong pakatandaan na ang
mga salitang ito ay totoo, at na
ang mga talaang ito ay [a]totoo
rin. At masdan, maging ang
mga lamina ni Nephi, na nagla-
laman ng mga talaan at ng mga
salita ng ating mga ama mula
sa panahong nilisan nila ang
Jerusalem hanggang sa ngayon,
at ang mga ito ay totoo; at nala-
laman natin ang kanilang kati-
yakan sapagkat namamalas ang
mga ito ng ating mga mata.
7 At ngayon, aking mga anak,
nais kong inyong pakatandaan
na masigasig na [a]saliksikin ang
mga yaon, nang sa gayon kayo
ay makinabang; at nais kong
inyong [b]sundin ang mga kautu-
san ng Diyos, upang [c]umunlad
kayo sa lupain alinsunod sa
mga ginawang [d]pangako ng
Panginoon sa inyong mga ama.
8 At marami pang bagay ang
itinuro ni haring Benjamin sa
kanyang mga anak, na hindi
nasusulat sa aklat na ito.
9 At ito ay nangyari na, nang
matapos si haring Benjamin
ng pagtuturo sa kanyang mga
anak, na tumanda na siya, at
kanyang nadama na siya ay na-
lalapit nang yumaon ng lakad
ng buong lupa; samakatwid,
inakala niyang kinakailangan
na niyang igawad ang kahari-
an sa isa sa kanyang mga anak.
10 Kaya nga, ipinatawag niya
sa kanyang harapan si Mosias;
at ito ang mga salitang sinabi
niya sa kanya, sinasabing: Anak
ko, nais kong gumawa ka ng
pagpapahayag sa lahat ng dako
ng lupaing ito sa lahat ng taong
ito, o ang mga [a]tao ni Zarahem-
la, at ang mga tao ni Mosias na
naninirahan sa lupain, nang sa
gayon ay sama-samang magti-
pon sila; sapagkat kinabukasan

5*a* GBK Banal na Kasulatan, Mga—mga banal na kasulatan dapat pangalagaan.
*b* Deut. 6:6–8.
*c* GBK Hiwaga ng Diyos, Mga.
*d* Mos. 10:11–17.
6*a* 1 Ne. 1:3; 2 Ne. 33:10–11; Moro. 10:27.
7*a* GBK Banal na Kasulatan, Mga.
*b* Mos. 2:22; Alma 50:20–22.
*c* Awit 122:6; 1 Ne. 2:20.
*d* Alma 9:12–14.
10*a* Omni 1:14.

ay ihahayag ko sa kanila na aking mga tao mula sa sarili kong bibig na ikaw ang [b]hari at tagapamahala ng mga taong ito, na ipinagkatiwala ng Panginoong Diyos sa atin.

11 At bukod doon, bibigyan ko ng [a]pangalan ang mga taong ito, nang sa gayon sila ay makilala nang higit sa lahat ng tao na inilabas ng Panginoong Diyos sa lupain ng Jerusalem; at gagawin ko ito sapagkat sila ay naging masisigasig na tao sa pagsunod sa mga kautusan ng Panginoon.

12 At aking ibibigay sa kanila ang isang pangalan na kailanman ay hindi mabubura, maliban na lamang kung dahil sa [a]kasalanan.

13 Oo, at bukod doon ay sinasabi ko sa iyo, na kung ang mga taong ito na labis na pinagpala ng Panginoon ay mahuhulog sa [a]paglabag, at maging masasama at mga taong mapangapid, na hahayaan sila ng Panginoon, nang sa gayon sila ay [b]manghina tulad ng kanilang mga kapatid; at hindi na sila [c]pangangalagaan pa ng kanyang walang kapantay at kagila-gilalas na kapangyarihan, tulad ng pangangalaga niya sa ating mga ama hanggang sa ngayon.

14 Sapagkat sinasabi ko sa iyo, na kung hindi niya iniunat ang kanyang bisig sa pangangalaga sa ating mga ama, sila ay tiyak na nahulog sa mga kamay ng mga Lamanita, at naging mga biktima ng kanilang pagkapoot.

15 At ito ay nangyari na, nang matapos si haring Benjamin sa pagsasalitang ito sa kanyang anak, na kanyang binigyan siya ng tagubilin hinggil sa lahat ng gawain sa kaharian.

16 At bukod doon, kanyang binigyan din siya ng tagubilin hinggil sa mga talaang nauukit sa mga [a]laminang tanso; at sa mga lamina rin ni Nephi; at gayon din, sa [b]espada ni Laban, at sa [c]bola o aguhon, na pumatnubay sa ating mga ama sa ilang, na inihanda ng kamay ng Panginoon nang sa gayon sila ay mapatnubayan, bawat isa alinsunod sa pakikinig at pagsusumigasig na kanilang ibinibigay sa kanya.

17 Anupa't dahil sa hindi sila naging matapat, hindi sila umunlad ni sumulong sa kanilang paglalakbay, kundi [a]itinaboy pabalik, at sumapit ang galit ng Diyos sa kanila; at kaya nga, binagabag sila sa pamamagitan ng taggutom at masidhing paghihirap, upang pukawin sila sa pag-alaala ng kanilang tungkulin.

18 At ngayon, ito ay nangyari na, na humayo at ginawa ni Mosias ang ipinag-utos sa kanya ng kanyang ama, at nagpahayag sa lahat ng tao na nasa lupain ng Zarahemla nang sa gayon ay sama-samang matipon nila ang

10*b* Mos. 2:30.
11*a* Mos. 5:8–12.
12*a* GBK Kasalanan.
13*a* Heb. 6:4–6.
*b* Hel. 4:24–26.
*c* D at T 103:8–10.
16*a* Mos. 1:3.
*b* 1 Ne. 4:8–19; S ni M 1:13; D at T 17:1.
*c* 1 Ne. 16:10.
17*a* 1 Ne. 18:12–13.

kanilang sarili, upang umahon
sa templo nang mapakinggan
ang mga salitang sasabihin ng
kanyang ama sa kanila.

## KABANATA 2

*Si Haring Benjamin ay nagtalumpati sa kanyang mga tao—Kanyang iniulat ang pagkamakatao, pagkamakatarungan at espiritualidad ng kanyang paghahari—Kanya silang pinayuhang maglingkod sa kanilang Makalangit na Hari—Sila na mga naghihimagsik laban sa Diyos ay magdaranas ng dalamhati katulad ng apoy na hindi maapula. Mga 124* B.C.

AT ito ay nangyari na, na matapos na maisagawa ni Mosias ang ipinag-utos ng kanyang ama sa kanya, at makagawa ng pagpapahayag sa lahat ng dako ng buong lupain, na magkakasamang tinipon ng mga tao ang kanilang sarili sa lahat ng dako ng buong lupain, nang sila ay makaahon sa templo upang marinig ang mga salitang sasabihin ni haring Benjamin sa kanila.
2 At malaki ang bilang nila, maging sa napakarami kung kaya't hindi sila mabilang, sapagkat sila ay parami nang parami at lubhang dumami sa lupain.
3 At kanila ring dinala ang mga [a]unang anak ng kanilang mga kawan, upang sila ay makapag-alay ng [b]hain at mga [c]handog na susunugin [d]alinsunod sa mga batas ni Moises.
4 At gayundin upang sila ay makapagbigay-pasalamat sa Panginoon nilang Diyos na nagdala sa kanila palabas ng lupain ng Jerusalem, at nagligtas sa kanila mula sa kamay ng kanilang mga kaaway, at [a]humirang ng mga makatarungang tao na kanilang maging mga [b]guro, at gayundin ng isang makatarungang tao na kanilang maging hari, na siyang nagtatag ng kapayapaan sa [c]lupain ng Zarahemla, at nagturo sa kanilang [d]sundin ang mga kautusan ng Diyos, upang sila ay magsaya at mapuspos ng [e]pag-ibig sa Diyos at sa lahat ng tao.
5 At ito ay nangyari na, nang sila ay dumating sa templo, itinayo nila ang kanilang mga tolda sa palibot, bawat lalaki alinsunod sa kanyang [a]mag-anak, na binubuo ng kanyang asawa, at kanyang mga anak na lalaki, at kanyang mga anak na babae, at kanilang mga anak na lalaki at kanilang mga anak na babae, mula sa pinakamatanda hanggang sa pinakabata, bawat mag-anak ay nakabukod mula sa isa't isa.
6 At itinayo nila ang kanilang mga tolda sa palibot ng templo, bawat tao ay iniharap sa templo ang pintuan ng kanilang [a]tolda, nang sa gayon sila ay makapanatili sa kanilang mga tolda at marinig ang mga sali-

**2** 3*a* Gen. 4:4.
*b* GBK Hain.
*c* 1 Ne. 5:9.
*d* 2 Ne. 25:24; Alma 30:3; 34:13–14.
4*a* GBK Tawag, Tinawag ng Diyos, Pagkakatawag.
*b* Mos. 18:18–22. GBK Turuan, Guro.
*c* Omni 1:12–15.
*d* Juan 15:10.
*e* GBK Pagmamahal.
5*a* GBK Mag-anak.
6*a* Ex. 33:8–10.

tang sasabihin ni haring Benjamin sa kanila;

7 Sapagkat lubhang napakaraming tao kung kaya't hindi sila kayang maturuang lahat ni haring Benjamin sa loob ng mga pader ng templo, kaya nga pinapangyari niyang magtayo ng isang tore, nang sa gayon ay marinig ng kanyang mga tao ang mga salitang kanyang sasabihin sa kanila.

8 At ito ay nangyari na, na siya ay nagsimulang magsalita sa kanyang mga tao mula sa tore; at hindi nila marinig na lahat ang kanyang mga salita dahil sa dami ng mga tao; kaya nga pinapangyari niya na ang mga salitang kanyang sinabi ay isulat at ipadala sa mga yaong di naabot ng kanyang tinig, upang sila rin ay makatanggap ng kanyang mga salita.

9 At ito ang mga salitang kanyang [a]sinabi, at pinapangyaring isulat, sinasabing: Aking mga kapatid, kayong lahat na samasamang nagtipon ng inyong sarili, kayong nakaririnig ng aking mga salita na sasabihin ko sa inyo sa araw na ito; sapagkat hindi ko kayo inutusang magtungo rito upang [b]paglaruan ang mga salitang aking sasabihin, kundi upang kayo ay [c]makinig sa akin, at buksan ang inyong mga tainga upang kayo'y makarinig, at ang inyong mga [d]puso upang kayo ay makaunawa, at ang inyong mga [e]isipan upang ang mga [f]hiwaga ng Diyos ay mabuksan sa inyong mga pananaw.

10 Hindi ko kayo inutusang magtungo rito upang kayo ay [a]matakot sa akin, o upang inyong isipin na ako sa aking sarili ay higit sa isang mortal na tao.

11 Kundi ako ay katulad din ng inyong sarili, saklaw ng lahat ng uri ng mga sakit sa katawan at isipan; gayunman ako ay pinili ng mga taong ito, at itinalaga ng aking ama, at pinahintulutan ng kamay ng Panginoon na ako ay maging isang pinuno at isang hari sa mga taong ito; at inaruga at pinangalagaan ng kanyang walang kapantay na kapangyarihan upang paglingkuran kayo nang buo kong kapangyarihan, isipan at lakas na ipinagkaloob sa akin ng Panginoon.

12 Sinasabi ko sa inyo na sapagkat ako ay pinahintulutang gugulin ang aking panahon sa paglilingkod sa inyo, maging hanggang sa ngayon, at hindi ako naghangad ng [a]ginto o pilak o anumang uri ng inyong kayamanan;

13 Ni hindi ko pinahintulutan na kayo ay makulong sa mga bartolina, ni alipinin ninyo ang isa't isa, ni ang kayo ay pumaslang, o mandambong, o magnakaw, o makiapid; ni hindi ko pinahintulutan na kayo'y gumawa ng anumang uri ng kasamaan at tinuruan ko kayo na

9*a* Mos. 8:3.
*b* D at T 6:12.
*c* GBK Makinig.
*d* Mos. 12:27; 3 Ne. 19:33.
*e* GBK Isipan.
*f* GBK Hiwaga ng Diyos, Mga.
10*a* GBK Takot.
12*a* Gawa 20:33–34.

nararapat ninyong sundin ang mga kautusan ng Panginoon sa lahat ng bagay na kanyang iniutos sa inyo—

14 At maging ako, sa aking sarili, ay [a]gumawa sa pamamagitan ng sarili kong mga kamay upang kayo ay aking mapaglingkuran, at upang kayo ay hindi mabigatan sa mga buwis, at upang walang anumang bagay na ipataw sa inyo na mabigat dalhin—at sa lahat ng bagay na ito na aking sinabi, kayo na rin sa inyong sarili ang mga saksi sa araw na ito.

15 Gayunman, mga kapatid ko, hindi ko ginawa ang mga bagay na ito upang ako ay makapagmalaki, ni hindi ko sinasabi ang mga bagay na ito upang ako ay magparatang sa inyo; kundi sinasabi ko sa inyo ang mga bagay na ito upang inyong malaman na ako ay makasasagot nang may malinis na [a]budhi sa harapan ng Diyos sa araw na ito.

16 Masdan, sinasabi ko sa inyo na dahil sa sinabi ko sa inyo na ginugol ko ang aking panahon sa paglilingkod sa inyo, hindi ko ninanais na magmalaki, sapagkat ako ay nasa paglilingkod lamang ng Diyos.

17 At masdan, sinasabi ko sa inyo ang mga bagay na ito upang inyong matamo ang [a]karunungan; upang inyong malaman na kung kayo ay nasa [b]paglilingkod ng inyong [c]kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos.

18 Masdan, tinawag ninyo akong inyong hari; at kung ako na tinatawag ninyong hari ay nagpapagal upang [a]paglingkuran kayo, hindi ba't nararapat na kayo ay magpagal upang paglingkuran ang isa't isa?

19 At masdan din, kung ako, na tinatawag ninyong inyong hari, na ginugol ang kanyang panahon sa paglilingkod sa inyo, at nasa paglilingkod din naman ng Diyos, ay karapat-dapat sa anumang pasasalamat mula sa inyo, o hindi ba't nararapat na [a]pasalamatan ninyo ang inyong makalangit na Hari!

20 Sinasabi ko sa inyo, mga kapatid ko, na kung inyong ibibigay ang lahat ng pasasalamat at [a]papuri na makakayang taglayin ng inyong buong kaluluwa, sa [b]Diyos na siyang lumikha sa inyo, at nag-aaruga at nangangalaga sa inyo, at pinapangyari na kayo ay magsaya, at nagkaloob na kayo ay mabuhay sa kapayapaan sa isa't isa—

21 Sinasabi ko sa inyo na kung paglilingkuran ninyo siya na lumikha sa inyo mula sa simula, at nangangalaga sa inyo sa araw-araw, sa pamamagitan ng pagpapahiram sa inyo ng hininga, upang kayo ay mabu-

14*a* 1 Cor. 9:18.
15*a* GBK Budhi.
17*a* GBK Karunungan.
*b* Mat. 25:40; Sant. 1:27; D at T 42:29–31. GBK Paglilingkod.
*c* GBK Kapatid, Mga; Kapatid na Lalaki; Kapatid na Babae.
18*a* Mat. 20:26–27.
19*a* GBK Salamat, Nagpapasalamat, Pasasalamat.
20*a* 1 Ne. 18:16.
*b* GBK Diyos, Panguluhang Diyos.

hay at makakilos at makagawa alinsunod sa inyong sariling [a]kagustuhan, at maging sa pagtataguyod sa inyo sa bawat sandali—sinasabi ko, kung siya ay paglilingkuran ninyo ng inyong buong kaluluwa, gayunman, kayo ay magiging [b]hindi kapaki-pakinabang na mga tagapaglingkod.
22 At masdan, ang hinihingi lamang niya sa inyo ay [a]sundin ang kanyang mga [b]kautusan, at pinangakuan niya kayo na kung inyong susundin ang kanyang mga kautusan, kayo ay uunlad sa lupain; at kailanman siya ay hindi [c]nag-iiba mula roon sa kung alin ay kanyang sinabi; samakatwid, kung inyong [d]susundin ang kanyang mga kautusan, kayo ay kanyang pagpapalain at pauunlarin.
23 At ngayon, sa unang dako, kayo ay kanyang nilikha, at ipinagkaloob sa inyo ang inyong mga buhay, kaya't kayo ay may pagkakautang sa kanya.
24 At ikalawa, hinihingi niya na inyong gawin ang kanyang ipinag-uutos sa inyo; sapagkat kung ito ay gagawin ninyo, kayo ay kaagad niyang [a]pagpapalain; at samakatwid, kayo ay kanya nang nabayaran. At kayo ay may pagkakautang pa rin sa kanya, at mayroon, at magkakagayon magpakailanman at walang katapusan; kaya nga, ano ang inyong maipagmamalaki?
25 At ngayon itinatanong ko, kayo ba ay may masasabing anuman sa inyong sarili? Sinasagot ko kayo, Wala. Hindi ninyo masasabi na kayo ay nakahihigit sa alabok ng lupa; gayunman kayo ay [a]nilikha mula sa [b]alabok ng lupa; ngunit masdan, ito ay pag-aari niya na lumikha sa inyo.
26 At ako, maging ako, na tinatawag ninyong hari, ay hindi nakahihigit kaysa sa inyong sarili; sapagkat ako rin ay mula sa alabok. At inyong namamasdan na ako ay matanda na, at malapit nang isuko ang may kamatayang katawang ito sa kanyang inang lupa.
27 Samakatwid, kagaya ng sinabi ko sa inyo na ako ay naglingkod sa inyo, [a]lumalakad nang may malinis na budhi sa harapan ng Diyos, gayunman ako, sa panahong ito ay pinapangyaring sama-samang tipunin ninyo ang inyong sarili, upang ako ay matagpuang walang sala, at nang ang inyong [b]dugo ay hindi bumatik sa akin, kapag ako ay tatayo upang hatulan ng Diyos sa mga bagay na kanyang iniutos sa akin hinggil sa inyo.
28 Sinasabi ko sa inyo na pinapangyari ko na kayo ay samasamang magtipon ng inyong sarili upang [a]maalis ko sa aking

21*a* GBK Kalayaang Mamili.
*b* Lu. 17:7–10.
22*a* Lev. 25:18–19; 2 Ne. 1:9.
*b* GBK Kautusan ng Diyos, Mga.
*c* D at T 3:1–2.
*d* D at T 14:7; 58:2–3.
24*a* GBK Pagpapala, Pagpapalain, Pinagpala.
25*a* GBK Likha, Paglikha.
*b* Gen. 3:19; Jac. 2:21.
27*a* GBK Lumakad, Lumakad na Kasama ng Diyos.
*b* Jac. 1:19.
28*a* Jac. 2:2.

mga kasuotan ang inyong dugo,
sa panahong ito na ako ay malapit nang bumaba sa aking libingan, upang ako ay bumaba nang mapayapa, at ang aking walang kamatayang [b]espiritu ay makasama sa mga [c]koro sa kaitaasan sa pag-awit ng mga papuri sa isang makatarungang Diyos.
29 At bukod dito, sinasabi ko sa inyo na pinapangyari ko na kayo ay sama-samang magtipon ng inyong sarili, upang aking maipahayag sa inyo na hindi na ako ang inyong magiging guro, o inyong hari;
30 Sapagkat maging sa oras na ito, ang aking buong katawan ay nanginginig nang labis habang nagtatangkang magsalita sa inyo; subalit ang Panginoong Diyos ang nagtataguyod sa akin, at pinahintulutan niya akong makapagsalita sa inyo, at inutusan akong ipahayag sa inyo sa araw na ito, na ang aking anak na si Mosias ay isang hari at isang tagapamahala ninyo.
31 At ngayon, mga kapatid ko, nais kong gawin ninyo ang gaya ng ginawa na ninyo. Gaya ng inyong pagsunod sa mga kautusan ko, at gayundin sa mga kautusan ng aking ama, at umunlad, at naiadya mula sa pagkahulog sa mga kamay ng inyong mga kaaway, gayundin kung inyong susundin ang mga kautusan ng aking anak, o ang mga kautusan ng Diyos na ibibigay sa inyo sa pamamagitan niya, kayo ay uunlad sa lupain, at ang inyong mga kaaway ay hindi magkakaroon ng kapangyarihan sa inyo.
32 Ngunit, o aking mga tao, mag-ingat kayo, na baka magkaroon ng mga [a]pagtatalo sa inyo, at inyong piliing sundin ang masamang espiritu, na siyang sinabi ng aking amang si Mosias.
33 Sapagkat masdan, may isang kapighatiang igagawad sa kanya na pumiling sumunod sa espiritung yaon; sapagkat kung pinili niyang sumunod sa kanya, at mananatili at mamamatay sa kanyang mga kasalanan, siya rin ay umiinom ng [a]kapahamakan sa kanyang sariling kaluluwa; sapagkat siya ay tatanggap bilang kanyang kabayaran ng isang [b]walang hanggang kaparusahan, sapagkat lumabag sa batas ng Diyos, na salungat sa kanyang sariling kaalaman.
34 Sinasabi ko sa inyo na walang sinuman sa inyo, maliban sa inyong maliliit na anak ang hindi pa naturuan hinggil sa mga bagay na ito, subalit sa inyong nakaaalam, nalalaman ninyo na kayo ay may walang hanggang pagkakautang sa inyong Ama sa Langit, upang ibigay sa kanya ang lahat ng nasa inyo at ang inyong sarili; at naturuan din hinggil sa mga talaang naglalaman ng mga propesiyang winika ng mga banal na

28*b* GBK Espiritu.
*c* Morm. 7:7.
32*a* 3 Ne. 11:29–30.
33*a* GBK Kapahamakan.
*b* D at T 19:6, 10–12.

propeta, magbuhat pa sa panahong ang ating amang si Lehi ay lumisan sa Jerusalem;

35 At gayundin, ang lahat ng sinabi ng ating mga ama hanggang sa ngayon. At masdan, gayundin, sinabi nila ang mga iniutos sa kanila ng Panginoon; samakatwid, ang mga yaon ay makatarungan at totoo.

36 At ngayon, sinasabi ko sa inyo, mga kapatid ko, na matapos na inyong malaman at maturuan ng lahat ng bagay na ito, kung kayo ay lalabag at sasalungat doon sa mga sinabi na, ay inilalayo ninyo ang sarili sa Espiritu ng Panginoon, upang yaon ay mawalan ng puwang sa inyo na kayo ay patnubayan sa mga landas ng karunungan nang kayo ay pagpalain, paunlarin, at pangalagaan—

37 Sinasabi ko sa inyo, na ang taong gumagawa nito, siya rin ay hayagang [a]naghihimagsik laban sa Diyos; anupa't kanyang piniling sundin ang masamang espiritu, at naging isang kaaway ng lahat ng kabutihan; kaya nga, ang Panginoon ay walang puwang sa kanya, sapagkat siya ay hindi nananahan sa mga [b]hindi banal na templo.

38 Samakatwid kung ang taong yaon ay hindi [a]magsisisi, at mananatili at mamamatay na isang kaaway ng Diyos, ang hinihingi ng banal na [b]katarungan ang gigising sa kanyang walang kamatayang kaluluwa sa isang buhay na damdamin ng kanyang sariling [c]kasalanan, na siyang magiging dahilan upang siya ay manliit sa harapan ng Panginoon, at pupuno sa kanyang dibdib ng kasalanan, at kirot, at pagdurusa na katulad ng isang di maapulang apoy, na ang ningas ay pumapailanglang magpakailanman at walang katapusan.

39 At ngayon sinasabi ko sa inyo, na ang [a]awa ay hindi makaaangkin sa taong yaon; kaya nga, ang kanyang pangwakas na kahatulan ay magtiis ng isang walang katapusang pagdurusa.

40 O, lahat kayong matatandang lalaki, at gayundin kayong mga kabataang lalaki, at kayong maliliit na bata na nakauunawa ng aking mga salita, sapagkat maliwanag akong nangusap sa inyo upang kayo'y makaunawa, ako ay dumadalangin na kayo ay magising sa isang [a]pagalaala sa kakila-kilabot na kalagayan ng mga yaong nangahulog sa paglabag.

41 At bukod dito, ninanais kong inyong isaalang-alang ang pinagpala at [a]maligayang kalagayan ng mga yaong sumusunod sa mga kautusan ng Diyos. Sapagkat masdan, sila ay [b]pinagpala sa lahat ng bagay, kapwa temporal at espirituwal; at

37*a* Mos. 3:12; Hel. 8:24–25. GBK Paghihimagsik.
*b* Alma 7:21.
38*a* GBK Magsisi, Pagsisisi.
*b* GBK Katarungan.
*c* GBK Pagkakasala.
39*a* Alma 34:8–9, 15–16. GBK Awa, Maawain.
40*a* Alma 5:18.
41*a* 4 Ne. 1:15–18. GBK Kagalakan.
*b* GBK Pagpapala, Pagpapalain, Pinagpala.

kung sila ay mananatiling [c]matapat hanggang wakas, sila ay tatanggapin sa [d]langit upang doon sila ay manahanang kasama ng Diyos sa kalagayan ng walang katapusang kaligayahan. O tandaan, tandaan na ang mga bagay na ito ay totoo; sapagkat ang Panginoong Diyos ang siyang nagsabi ng mga ito.

## KABANATA 3

*Ipinagpatuloy ni Haring Benjamin ang kanyang talumpati—Ang Panginoong Makapangyarihan ay maglilingkod sa mga tao sa katawang-lupa—Ang dugo ay lalabas mula sa bawat butas ng kanyang balat habang ipinagbabayad-sala niya ang mga kasalanan ng sanlibutan—Ang kanyang pangalan ang tanging pangalan kung saan ang kaligtasan ay darating—Maaaring hubarin ng tao ang kanyang likas na pagkatao at maging mga Banal sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala—Ang pagdurusa ng masasama ay magiging katulad ng lawa ng apoy at asupre. Mga 124 B.C.*

AT muli mga kapatid ko, nais kong tawagin ang inyong pansin, sapagkat ako ay mayroon pang mga sasabihin sa inyo; sapagkat masdan, ako ay may mga bagay na sasabihin sa inyo hinggil sa yaong darating.

2 At ang mga bagay na sasabihin ko sa inyo ay ipinaalam sa akin ng isang [a]anghel mula sa Diyos. At sinabi niya sa akin: Gising; at ako ay gumising, at masdan, siya ay nakatayo sa harapan ko.

3 At sinabi niya sa akin: Gumising, at pakinggan ang mga salitang aking sasabihin sa iyo; sapagkat masdan, ako ay naparito upang ipahayag sa iyo ang [a]masayang balita ng dakilang kagalakan.

4 Sapagkat dininig ng Panginoon ang iyong mga panalangin, at hinatulan ang iyong kabutihan, at isinugo ako upang magpahayag sa iyo nang ikaw ay magsaya; at nang ikaw ay makapagpahayag sa iyong mga tao, upang sila rin ay mapuspos ng kagalakan.

5 Sapagkat masdan, ang panahon ay darating, at hindi na nalalayo, na taglay ang kapangyarihan, ang [a]Panginoong Makapangyarihan na naghahari, kung sino noon, at ngayon, mula sa lahat ng kawalang-hanggan, hanggang sa kawalang-hanggan, ay bababa mula sa langit sa mga anak ng tao, at mananahan sa isang [b]katawang-lupa, at hahayo sa mga tao, gagawa ng mga makapangyarihang [c]himala, tulad ng pagpapagaling ng may karamdaman, pagbuhay ng patay, pagpapalakad ng pilay, ang bulag nang makatanggap ng kanilang paningin, at ang bingi

41*c* D at T 6:13.
*d* GBK Langit.
**3** 2*a* GBK Anghel, Mga.
3*a* Lu. 2:10–11.
5*a* GBK Jehova.
*b* Mos. 7:27; Alma 7:9–13.
*c* Mat. 4:23–24; Gawa 2:22; 1 Ne. 11:31. GBK Himala.

upang makarinig, at pagpapa-
galing ng lahat ng uri ng sakit.
6 At siya ay magpapalayas ng
mga [a]diyablo, o ng masasamang
espiritu na nananahan sa mga
puso ng mga anak ng tao.
7 At masdan, siya ay magda-
ranas ng mga [a]tukso, at sakit ng
katawan, [b]gutom, uhaw, at pa-
god, nang higit sa [c]matitiis ng
tao, maliban na yaon ay sa ka-
matayan; sapagkat masdan,
ang [d]dugo ay lumalabas sa ba-
wat butas ng kanyang balat,
napakasidhi ng kanyang magi-
ging [e]pagdurusa dahil sa kasa-
maan at mga karumal-dumal
na gawain ng kanyang mga tao.
8 At siya ay tatawaging
[a]Jesucristo, ang [b]Anak ng Diyos,
ang [c]Ama ng langit at lupa, ang
Lumikha ng lahat ng bagay
mula sa simula; at ang kanyang
[d]ina ay tatawaging [e]Maria.
9 At masdan, siya ay paparito
sa kanyang kalahi, upang ang
[a]kaligtasan ay mapasa mga
anak ng tao, maging sa pama-
magitan ng [b]pananampalataya
sa kanyang pangalan; at ma-
ging matapos ang lahat ng ito
siya ay ituturing nilang isang
tao, at sasabihin na siya ay may
sa [c]diyablo, at [d]pahihirapan siya,
at siya ay [e]ipapako sa krus.
10 At siya ay [a]babangon sa
[b]ikatlong araw mula sa patay;
at masdan, siya ay tatayo upang
[c]hatulan ang sanlibutan; at mas-
dan, lahat ng bagay na ito ay
mangyayari upang ang makat-
wirang hatol ay sumapit sa
mga anak ng tao.
11 Sapagkat masdan, at ga-
yundin ang kanyang [a]dugo ang
[b]magbabayad-sala para sa mga
kasalanan ng mga yaong [c]nahu-
log dahil sa pagkakasala ni
Adan, na nangamatay na hindi
nalalaman ang kalooban ng
Diyos hinggil sa kanila, o kung
sino ay [d]walang malay na nag-
kasala.
12 Ngunit, sa aba, sa aba niya
na nakaaalam na siya ay [a]nag-
hihimagsik laban sa Diyos! Sa-
pagkat ang kaligtasan ay di ma-
papasa kaninuman, maliban sa
pamamagitan ng pagsisisi at pa-
nanampalataya sa [b]Panginoong
Jesucristo.
13 At isinugo ng Panginoong
Diyos ang kanyang mga banal
na propeta sa mga anak ng tao,

6*a* Mar. 1:32–34.
7*a* GBK Tukso, Panunukso.
*b* Mat. 4:1–2.
*c* D at T 19:15–18.
*d* Lu. 22:44.
*e* Is. 53:4–5.
8*a* GBK Diyos, Panguluhang Diyos—Diyos Anak.
*b* Alma 7:10.
*c* Hel. 14:12; 3 Ne. 9:15.
*d* Mat. 1:16; 1 Ne. 11:14–21.
*e* GBK Maria, Ina ni Jesus.
9*a* GBK Kaligtasan.
*b* GBK Pananampalataya.
*c* Juan 8:48.
*d* Mar. 15:15.
*e* Lu. 18:33; 1 Ne. 19:10; 2 Ne. 10:3. GBK Pagpapako sa Krus.
10*a* GBK Pagkabuhay na Mag-uli.
*b* Mat. 16:21; 2 Ne. 25:13; Hel. 14:20–27.
*c* GBK Hatol, Paghatol.
11*a* GBK Dugo.
*b* GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala.
*c* GBK Pagkahulog nina Adan at Eva.
*d* 2 Ne. 9:25–26.
12*a* Mos. 2:36–38; Hel. 8:25. GBK Paghihimagsik.
*b* GBK Panginoon.

upang ipahayag ang mga bagay na ito sa lahat ng lahi, bansa, at wika, at nang sa gayon ang sinumang maniniwala na si Cristo ay paparito, sila rin ay makatatanggap ng [a]kapatawaran ng kanilang mga kasalanan, at magsasaya sa labis na kagalakan, na [b]parang siya ay pumaroon na sa kanila.
14 Gayunman, nakita ng Panginoong Diyos na ang kanyang mga tao ay mga taong matitigas ang leeg, at kanyang itinakda sa kanila ang isang batas, maging ang mga [a]batas ni Moises.
15 At maraming palatandaan, at kababalaghan, at [a]halimbawa, at pagkakahawig ang kanyang ipinakita sa kanila hinggil sa kanyang pagparito; at gayundin ang mga banal na propeta ay nagsalita sa kanila hinggil sa kanyang pagparito; at gayunman, pinatigas nila ang kanilang mga puso, at hindi naunawaan na ang mga [b]batas ni Moises ay walang kabuluhan maliban sa ito ay sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ng kanyang dugo.
16 At kahit na maaaring mangyari na ang maliliit na [a]bata ay magkasala, sila ay hindi maliligtas; ngunit sinasabi ko sa inyo, sila ay mga [b]pinagpala; sapagkat masdan, tulad ni Adan, o sa kalikasan, sila ay nahulog, gayundin ang dugo ni Cristo ay nagbayad-sala para sa kanilang mga kasalanan.
17 At bukod dito, sinasabi ko sa inyo, na [a]walang ibang pangalang ibinigay, o anumang daan, o paraan kung saan ang [b]kaligtasan ay mapapasa mga anak ng tao, tanging kay at sa pamamagitan lamang ng pangalan ni [c]Cristo, ang Panginoong Makapangyarihan.
18 Sapagkat masdan, siya ang hahatol, at ang kanyang hatol ay makatarungan; at ang sanggol ay hindi masasawi na mamamatay sa kanyang pagkasanggol; ngunit ang tao ay tutungga ng kapahamakan sa kanilang sariling mga kaluluwa maliban kung magpakumbaba sila ng kanilang sarili at [a]maging tulad ng maliliit na bata, at maniwala na ang kaligtasan ay dumating, at dumarating, at darating, sa pamamagitan ng [b]nagbabayad-salang dugo ni Cristo, ang Panginoong Makapangyarihan.
19 Sapagkat ang [a]likas na tao ay kaaway ng Diyos, at naging gayon mula pa sa [b]pagkahulog ni Adan, at magiging gayon, magpakailanman at walang katapusan, maliban kung kanyang

13*a* GBK Kapatawaran ng mga Kasalanan.
*b* 2 Ne. 25:24–27; Jar. 1:11.
14*a* GBK Batas ni Moises, Mga.
15*a* GBK Jesucristo—Mga kahalintulad o mga sagisag ni Cristo.
*b* Mos. 13:27–32.
16*a* GBK Bata, Mga Bata.
*b* Moro. 8:8–9.
17*a* Gawa 4:10–12; 2 Ne. 31:21.
*b* GBK Kaligtasan.
*c* GBK Jesucristo—Taglayin ang pangalan ni Jesucristo sa atin.
18*a* Mat. 18:3.
*b* Mos. 4:2; Hel. 5:9.
19*a* 1 Cor. 2:11–14; Mos. 16:2–3. GBK Likas na Tao.
*b* GBK Pagkahulog nina Adan at Eva.

[c]bigyang-daan ang panghihi-
kayat ng Banal na [d]Espiritu, at
hubarin ang likas na tao at
maging [e]banal sa pamamagitan
ng pagbabayad-sala ni Cristo,
ang Panginoon, at maging tu-
lad ng isang [f]bata, masunurin,
maamo, mapagpakumbaba, ma-
pagtiis, puno ng pag-ibig, naka-
handang pasakop sa lahat ng
bagay na nakita ng Panginoon
na angkop na ipabata sa kan-
ya, maging katulad ng isang
batang napasasakop sa kan-
yang ama.
20 At bukod dito, sinasabi ko
sa inyo, na ang panahon ay da-
rating na ang [a]kaalaman ng
isang Tagapagligtas ay kakalat
sa [b]bawat bansa, lahi, wika, at
tao.
21 At masdan, kapag duma-
ting ang panahong yaon, wa-
lang sinuman ang matatagpu-
ang [a]walang sala sa harapan ng
Diyos, maliban sa maliliit na
bata, tanging sa pamamagitan
lamang ng pagsisisi at pana-
nampalataya sa pangalan ng
Panginoong Diyos na Maka-
pangyarihan.
22 At maging sa panahong ito,
matapos na maturuan mo ang
iyong mga tao ng mga bagay
na iniutos sa inyo ng Pangino-
on ninyong Diyos, maging
magkagayon man, sila ay hindi
matatagpuang walang sala sa
paningin ng Diyos, tanging
alinsunod lamang sa mga sali-
tang aking sinabi sa iyo.
23 At ngayon, nasabi ko na ang
mga salitang iniutos sa akin ng
Panginoong Diyos.
24 At ganito ang wika ng Pa-
nginoon: Ang mga yaon ay
magsisilbing malinaw na pa-
totoo laban sa mga taong ito, sa
araw ng paghuhukom; sama-
katwid sila ay hahatulan, ba-
wat tao alinsunod sa kanyang
mga gawa, maging ang mga
yaon ay mabuti, o maging ang
mga yaon ay masama.
25 At kung sila ay masama,
sila ay matatalaga sa isang ka-
kila-kilabot na [a]tanawin ng ka-
nilang sariling pagkakasala at
mga gawang karumal-dumal,
na magiging dahilan upang
sila ay manliit sa harapan ng
Panginoon tungo sa isang [b]ma-
hirap na kalagayang puspos ng
kalungkutan at walang kata-
pusang parusa, kung saan sila
ay hindi na makababalik; anu-
pa't sila ay tumungga ng kapa-
hamakan sa kanilang sariling
mga kaluluwa.
26 Kaya nga, sila ay tumungga
mula sa saro ng poot ng Diyos,
kung aling katarungan ay hindi
na maipagkakait sa kanila tulad
din ng hindi pagkakait nito na si
[a]Adan ay nararapat na mahu-
log dahil sa kanyang pagkain
ng ipinagbabawal na [b]bunga;
samakatwid, ang [c]awa ay hindi

19*c* 2 Cron. 30:8.
*d* Moro. 10:4–5.
GBK Espiritu Santo.
*e* GBK Banal (pangngalan).
*f* 3 Ne. 9:22.
20*a* D at T 3:16.
*b* GBK Gawaing Pangmisyonero.
21*a* GBK Mananagot, Pananagutan, May Pananagutan.
25*a* Alma 5:18; 12:14–15.
*b* Morm. 8:38.
26*a* Morm. 9:12.
*b* Gen. 3:1–12; 2 Ne. 2:15–19; Alma 12:21–23.
*c* GBK Awa, Maawain.

na magkakaroon ng pag-angkin sa kanila magpakailanman.
27 At ang kanilang [a]parusa ay kagaya ng isang [b]lawa ng apoy at asupre, na ang mga ningas ay di maapula, at ang usok ay pumapailanglang magpakailanman at walang katapusan. At gayon ang iniutos sa akin ng Panginoon. Amen.

## KABANATA 4

*Ipinagpatuloy ni Haring Benjamin ang kanyang talumpati—Ang kaligtasan ay dumarating dahil sa Pagbabayad-sala—Maniwala sa Diyos upang maligtas—Panatilihin ang kapatawaran ng inyong mga kasalanan sa pamamagitan ng katapatan—Ipamahagi ang inyong kabuhayan sa mga maralita—Gawin ang lahat ng bagay sa karunungan at kaayusan. Mga 124 B.C.*

AT ngayon, ito ay nangyari na, nang si haring Benjamin ay matapos sa pangungusap sa mga salitang ibinigay sa kanya ng anghel ng Panginoon, ay iginala niya ang kanyang mga paningin sa maraming tao, at masdan, sila ay nangapalugmok sa lupa, sapagkat ang [a]pagkatakot sa Panginoon ay nanaig sa kanila.
2 At nakita nila ang sarili sa kanilang [a]makamundong kalagayan, maging higit na [b]mababa kaysa sa alabok ng lupa. At silang lahat ay sumigaw nang malakas sa iisang tinig, sinasabing: O maawa, at gamitin ang [c]nagbabayad-salang dugo ni Cristo upang kami ay makatanggap ng kapatawaran ng aming mga kasalanan, at ang aming mga puso ay maging dalisay; sapagkat kami ay naniniwala kay Jesucristo, na Anak ng Diyos, na siyang [d]lumikha ng langit at lupa, at lahat ng bagay; na siyang bababa sa mga anak ng tao.
3 At ito ay nangyari na, na matapos na kanilang sabihin ang mga salitang ito, ang Espiritu ng Panginoon ay napasakanila, at sila ay napuspos ng kagalakan, sa pagkatanggap ng [a]kapatawaran ng kanilang mga kasalanan, at sa pagkakaroon ng katahimikan ng [b]budhi dahil sa labis na [c]pananampalataya nila kay Jesucristo na paparito, ayon sa mga salitang sinabi ni haring Benjamin sa kanila.
4 At muling binuksan ni haring Benjamin ang kanyang bibig at nagsimulang magsalita sa kanila, sinasabing: Aking mga kaibigan at aking mga kapatid, aking mga kaanak at aking mga tao, muli kong tatawagin ang inyong pansin, upang inyong marinig at maunawaan ang nalalabi sa aking mga salita na sasabihin ko sa inyo.
5 Sapagkat masdan, kung ang kaalaman ng kabutihan ng

27*a* GBK Pagkakasala.
*b* 2 Ne. 9:16; Jac. 6:10; D at T 76:36.
**4** 1*a* GBK Takot.
2*a* GBK Makamundo.
*b* Hel. 12:7–8.
*c* Mos. 3:18; Hel. 5:9.
*d* GBK Likha, Paglikha.
3*a* GBK Kapatawaran ng mga Kasalanan.
*b* GBK Budhi.
*c* GBK Pananampalataya.

[a]Diyos sa oras na ito ay gumising sa inyo sa isang damdamin ng inyong kawalang-kabuluhan, at inyong pagiging walang kahalagahan at nahulog na kalagayan—

6 Sinasabi ko sa inyo, kung kayo ay nakarating sa [a]kaalaman ng kabutihan ng Diyos, at ng kanyang di mapapantayang kapangyarihan, at kanyang karunungan, at kanyang kahinahunan, at kanyang mahabang pagtitiis sa mga anak ng tao; at gayundin, ang [b]pagbabayad-sala na inihanda mula pa sa [c]pagkakatatag ng daigdig, nang sa gayon ang kaligtasan ay mapasakanya na magbibigay ng [d]pagtitiwala niya sa Panginoon, at magiging masigasig sa pagsunod sa kanyang mga kautusan, at magpapatuloy sa pananampalataya maging hanggang sa katapusan ng kanyang buhay, ang buhay ng katawang mortal ang tinutukoy ko—

7 Sinasabi ko, na ito ang taong tumatanggap ng kaligtasan, sa pamamagitan ng pagbabayad-salang inihanda mula sa pagkakatatag ng daigdig para sa buong sangkatauhan, sa simula pa ng [a]pagkahulog ni Adan, o sinuman ngayon o sinuman sa darating, maging hanggang sa katapusan ng daigdig.

8 At ito ang paraan kung paano ang kaligtasan ay darating. At [a]walang ibang kaligtasan maliban dito sa nabanggit; ni walang ibang mga hinihingi kung paano ang tao ay maliligtas maliban sa mga hinihinging aking sinabi sa inyo.

9 Maniwala sa Diyos; maniwala na siya nga, at na siya ang lumikha ng lahat ng bagay, kapwa sa langit at sa lupa; maniwala na taglay niya ang lahat ng [a]karunungan, at lahat ng kapangyarihan, kapwa sa langit at sa lupa; maniwalang hindi [b]nauunawaan ng tao ang lahat ng bagay na nauunawaan ng Panginoon.

10 At muli, maniwala na kayo ay kinakailangang [a]magsisi ng inyong mga kasalanan at talikdan ang mga ito, at magpakumbaba ng inyong sarili sa harapan ng Diyos; at humingi nang taos sa puso nang kayo ay kanyang [b]patawarin; at ngayon, kung kayo ay [c]naniniwala sa lahat ng bagay na ito, tiyaking ito ay inyong [d]gagawin.

11 At muli, sinasabi ko sa inyo gaya ng sinabi ko noon, sapagkat kayo ay dumating sa kaalaman ng kaluwalhatian ng Diyos, o kung napag-alaman ninyo ang kanyang kabutihan at [a]natikman ang kanyang pag-ibig, at

5*a* Moi. 1:10.
6*a* GBK Diyos, Panguluhang Diyos.
*b* GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala.
*c* Mos. 15:19.
*d* Awit 36:7; 2 Ne. 22:2; Hel. 12:1. GBK Pagtitiwala.
7*a* GBK Pagkahulog nina Adan at Eva.
8*a* Gawa 4:12; 2 Ne. 31:21; Mos. 3:17.
9*a* Rom. 11:33–34; Jac. 4:8–13.
*b* Is. 55:9.
10*a* GBK Magsisi, Pagsisisi.
*b* D at T 61:2.
*c* Mat. 7:24–27.
*d* 2 Ne. 31:19–21.
11*a* Alma 36:24–26.

nakatanggap ng [b]kapatawaran ng inyong mga kasalanan, na nagiging dahilan ng labis na malaking kagalakan sa inyong mga kaluluwa, gayundin nais kong inyong pakatandaan, at laging panatilihin sa inyong alaala ang kadakilaan ng Diyos, at ang inyong sariling [c]kawalang-kabuluhan, at ang kanyang [d]kabutihan, at mahabang pagtitiis sa inyo, na mga di karapat-dapat na nilikha, at magpakumbaba ng inyong sarili maging sa kailaliman ng [e]pagpapakumbaba, [f]nananawagan sa pangalan ng Panginoon sa araw-araw, at matatag na naninindigan sa pananampalataya sa kanya na paparito, na sinabi ng bibig ng anghel.

12 At masdan, sinasabi ko sa inyo na kung ito ay inyong gagawin kayo ay laging magsasaya, at mapupuspos ng [a]pag-ibig ng Diyos, at laging [b]mananatili ang kapatawaran ng inyong mga kasalanan; at kayo ay uunlad sa kaalaman ng kaluwalhatian niya na lumikha sa inyo, o sa kaalaman ng yaong makatarungan at totoo.

13 At hindi kayo maglalayong saktan ang isa't isa, kundi ang mabuhay nang [a]mapayapa, at ibigay sa bawat tao ang alinsunod sa nararapat sa kanya.

14 At hindi ninyo pahihintulutan ang inyong mga [a]anak na sila ay magutom, o maging hubad; ni hindi ninyo ipahihintulot na sila ay lumabag sa mga batas ng Diyos, at [b]makipaglaban at makipag-away sa isa't isa, at magsilbi sa diyablo, na siyang panginoon ng kasalanan, o siyang masamang espiritu na sinabi ng ating mga ama, siya na isang kaaway ng lahat ng kabutihan.

15 Kundi [a]tuturuan ninyo silang [b]lumakad sa mga daan ng katotohanan at kahinahunan; tuturuan ninyo silang [c]mahalin ang isa't isa, at paglingkuran ang isa't isa.

16 At gayundin, kayo na rin sa inyong sarili ay [a]tutulong sa kanila na nangangailangan ng inyong tulong; ibabahagi ninyo ang inyong kabuhayan sa kanya na nangangailangan; at hindi ninyo pahihintulutan na ang kahilingan ng [b]pulubi sa inyo ay mawalan ng saysay, at ipagtabuyan siya upang masawi.

17 Marahil inyong [a]sasabihin: Ang tao ang nagdala sa kanyang sarili ng kanyang kalungkutan; kaya nga pipigilin ko

11*b* GBK Kapatawaran ng mga Kasalanan.
*c* Moi. 1:10.
*d* Ex. 34:6; Moro. 8:3.
*e* GBK Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba.
*f* GBK Panalangin.
12*a* GBK Pagmamahal.
*b* Mos. 4:26; Alma 4:13–14; 5:26–35; D at T 20:31–34.
13*a* GBK Tagapamayapa.
14*a* 1 Tim. 5:8; D at T 83:4.
*b* GBK Kaguluhan.
15*a* D at T 68:25–28; Moi. 6:58. GBK Turuan, Guro.
*b* GBK Lumakad, Lumakad na Kasama ng Diyos.
*c* Mos. 18:21.
16*a* GBK Pag-ibig sa Kapwa-tao; Paglilingkod.
*b* Deut. 15:7–11; Kaw. 21:13; Is. 10:1–2.
17*a* Kaw. 17:5.

ang aking kamay, at hindi ibi-
bigay sa kanya ang aking pag-
kain, o ibabahagi sa kanya ang
aking kabuhayan nang hindi
siya maghirap, sapagkat ang
kanyang mga kaparusahan ay
makatarungan—
18 Ngunit sinasabi ko sa inyo,
o mga tao, sinuman ang guma-
wa nito siya rin ay may mala-
king dahilan upang magsisi; at
maliban sa siya ay magsisi
roon sa kanyang ginawa, siya
ay masasawi magpakailanman,
at walang puwang sa kaharian
ng Diyos.
19 Sapagkat masdan, hindi ba't
tayong lahat ay mga pulubi?
Hindi ba't tayong lahat ay uma-
asa sa iisang Katauhan, maging
sa Diyos, sa lahat ng kabuhayan
na nasa atin, kapwa sa pagkain
at kasuotan, at sa ginto, at sa
pilak, at sa bawat uri ng lahat
ng kayamanan na nasa atin?
20 At masdan, maging sa san-
daling ito, kayo ay nananawa-
gan sa kanyang pangalan, at
nagsusumamo para sa kapata-
waran ng inyong mga kasala-
nan. At pinahintulutan ba niya
na ang inyong pagsusumamo
ay mawalan ng saysay? Hindi;
kanyang ibinuhos ang kan-
yang Espiritu sa inyo, at pina-
pangyari na ang inyong mga
puso ay mapuspos ng [a]galak, at
pinapangyari na ang inyong
mga bibig ay pigilin upang
kayo ay hindi makapagsalita,
sadyang labis-labis ang inyong
kagalakan.
21 At ngayon, kung ang Diyos
na lumikha sa inyo, kung kani-
no kayo ay umaasa para sa in-
yong mga buhay at para sa lahat
ng nasasainyo at kakailanganin
ninyo, na nagbibigay sa inyo ng
anumang inyong hinihiling na
tama, nang may pananampala-
taya, naniniwala na kayo ay ma-
katatanggap, O kung gayon,
higit kayong nararapat na [a]mag-
bahagi ng inyong kabuhayan
na mayroon kayo sa isa't isa.
22 At kung [a]hahatulan ninyo
ang taong humihingi sa inyo ng
inyong kabuhayan upang siya
ay hindi masawi, at hatulan
siya, gaano higit na makataru-
ngan ang inyong magiging ka-
hatulan dahil sa [b]pagkakait nin-
yo ng inyong kabuhayan, kung
alin ay hindi ninyo pag-aari,
kundi sa Diyos, kung sino ay
siya ring nagmamay-ari ng in-
yong buhay; at gayon pa man,
hindi kayo humihingi, ni nag-
sisisi sa mga bagay na inyong
nagawa.
23 Sinasabi ko sa inyo, sa aba sa
taong yaon, sapagkat ang kan-
yang kabuhayan ay mawawa-
lang kasama niya; at ngayon,
sinasabi ko ang mga bagay na
ito sa yaong [a]mayayaman ukol
sa mga bagay ng daigdig na ito.
24 At muli, sinasabi ko sa mga
maralita, kayo na wala at ga-
yon pa man ay may sapat, na
kayo ay magpatuloy sa araw-
araw; ang tinutukoy ko ay ka-
yong lahat na nagkait sa mga
pulubi, sapagkat kayo ay wala;

20*a* GBK Kagalakan.
21*a* GBK Paglilingkod; Kapakanan.
22*a* Mat. 7:1–2; Juan 7:24.
*b* 1 Juan 3:17.
23*a* D at T 56:16.

nais kong sabihin ninyo sa in-
yong mga puso na: Hindi ako
nagbigay sapagkat ako ay wala,
ngunit kung ako ay mayroon
ako ay [a]magbibigay.
25 At ngayon, kung ito ay sa-
sabihin ninyo sa inyong mga
puso, kayo ay mananatiling
walang sala, kung hindi, kayo
ay [a]susumpain; at ang hatol sa
inyo ay makatarungan sapag-
kat kayo ay nagnanasa sa hindi
ninyo tinanggap.
26 At ngayon, alang-alang sa
mga bagay na ito na aking sina-
bi sa inyo—na, alang-alang sa
pananatili ng kapatawaran ng
inyong mga kasalanan sa araw-
araw, upang kayo ay [a]makala-
kad nang walang kasalanan sa
harapan ng Diyos—nais kong
[b]ibahagi ninyo ang inyong ka-
buhayan sa mga [c]maralita, ba-
wat tao alinsunod sa kung ano
ang mayroon siya, gaya ng [d]pag-
papakain sa nagugutom, pagpa-
panamit sa hubad, pagdalaw
sa may karamdaman, at panga-
ngasiwa sa kanilang ikagigin-
hawa, kapwa espirituwal at
temporal, alinsunod sa kani-
lang mga pangangailangan.
27 At tiyakin na ang lahat ng
bagay na ito ay gagawin sa ka-
runungan at kaayusan; sapag-
kat hindi kinakailangan na ang
tao ay tumakbo nang [a]higit na
mabilis kaysa sa kanyang lakas.
At muli, kinakailangang siya ay
maging masigasig, nang sa ga-
yon siya ay magkamit ng gan-
timpala, anupa't ang lahat ng
bagay ay dapat na gawin nang
maayos.
28 At nais kong inyong paka-
tandaan, na sinuman sa inyo
ang manghiram sa kanyang ka-
pitbahay ay nararapat na isauli
ang bagay na kanyang hiniram,
alinsunod sa kanyang pinaki-
pagkasunduan, o kung hindi,
kayo ay magkakasala; at mara-
hil, inyong papapangyarihin
ang inyong kapitbahay na mag-
kasala rin.
29 At sa huli, hindi ko masasa-
bi sa inyo ang lahat ng bagay
kung saan kayo ay maaaring
magkasala; sapagkat maraming
magkakaibang daan at mga pa-
raan, na lubhang napakarami
kung kaya't hindi ko na yaon
magagawang bilangin.
30 Ngunit ito lamang ang ma-
sasabi ko sa inyo, na kung hindi
ninyo [a]babantayan ang inyong
sarili, at ang inyong mga [b]isi-
pan, at ang inyong mga [c]salita,
at ang inyong mga gawa, at su-
sunod sa mga kautusan ng
Diyos, at magpapatuloy sa pa-
nanampalataya sa inyong mga
narinig hinggil sa pagparito ng
ating Panginoon, maging hang-
gang sa katapusan ng inyong
mga buhay, kayo ay tiyak na

24*a* Mar. 12:44.
25*a* D at T 56:17.
26*a* GBK Lumakad, Lumakad na Kasama ng Diyos.
*b* Jac. 2:17–19.
*c* Zac. 7:10; Alma 1:27. GBK Limos, Paglilimos.
*d* Is. 58:10–11; D at T 104:17–18.
27*a* D at T 10:4.
30*a* Alma 12:14. GBK Magbantay, Mga Tagabantay.
*b* Mar. 7:18–23. GBK Pag-iisip, Mga.
*c* Mat. 15:18–20. GBK Pagkawalang-galang.

masasawi. At ngayon, O tao, pakatandaan at nang huwag masawi.

## KABANATA 5

*Ang mga Banal ay nagiging mga anak na lalaki at mga anak na babae ni Cristo sa pamamagitan ng pananampalataya—Sila noon ay tinatawag sa pangalan ni Cristo—Pinagpayuhan sila ni Haring Benjamin na maging matatag at huwag matitinag sa mabubuting gawa. Mga 124 B.C.*

At ngayon, ito ay nangyari na, nang si haring Benjamin ay makapangusap sa kanyang mga tao, siya ay nagpasugo sa kanila, nagnanais na malaman kung ang kanyang mga tao ay naniwala sa mga salitang kanyang sinabi sa kanila.
2 At silang lahat ay sumigaw sa iisang tinig, sinasabing: Oo, pinaniniwalaan namin ang lahat ng salitang iyong sinabi sa amin; at gayundin, alam namin ang katiyakan at katotohanan ng mga yaon, dahil sa Espiritu ng Panginoong Makapangyarihan na gumawa ng malaking [a]pagbabago sa amin, o sa aming mga puso, kaya nga kami ay wala nang hangarin pang gumawa ng [b]masama, kundi ang patuloy na gumawa ng mabuti.
3 At kami, sa aming sarili, gayon din, sa pamamagitan ng walang hanggang kabutihan ng Diyos, at sa mga pagpapahayag ng kanyang Espiritu, ay nagkaroon ng mga dakilang pananaw sa yaong darating; at kung kapaki-pakinabang, maaari kaming makapagpropesiya ng lahat ng bagay.
4 At ito ang pananampalatayang nakamit namin sa mga bagay na sinabi sa amin ng aming hari na nagdala sa amin sa ganito kadakilang kaalaman, kung kaya't kami ay nagsasaya nang labis-labis sa dakilang kagalakan.
5 At kami ay nahahandang [a]makipagtipan sa aming Diyos na gawin ang kanyang kalooban, at maging masunurin sa kanyang mga kautusan sa lahat ng bagay na kanyang ipaguutos sa amin, sa lahat ng nalalabi naming mga araw, upang hindi namin dalhin sa aming sarili ang isang [b]walang katapusang parusa, kagaya ng sinabi ng [c]anghel, upang hindi kami makatungga sa saro ng poot ng Diyos.
6 At ngayon, ito ang mga salitang ninais marinig ni haring Benjamin mula sa kanila; at samakatwid, kanyang sinabi sa kanila: Inyong sinabi ang mga salitang aking nais na marinig; at ang tipang inyong ginawa ay isang mabuting tipan.
7 At ngayon, dahil sa tipang inyong ginawa kayo ay tatawa-

**5** 2*a* Alma 5:14.
GBK Isilang na Muli, Isinilang sa Diyos.
*b* Alma 19:33.
5*a* Mos. 18:10.
*b* Mos. 3:25–27.
*c* Mos. 3:2.

ging mga [a]anak ni Cristo, mga
anak niyang lalaki, at mga
anak niyang babae; sapagkat
masdan, sa araw na ito kayo ay
kanyang espirituwal na [b]isini-
lang; sapagkat sinasabi ninyo
na ang inyong mga [c]puso ay
nagbago sa pamamagitan ng
pananampalataya sa kanyang
pangalan; anupa't kayo ay [d]isi-
nilang sa kanya at naging kan-
yang mga [e]anak na lalaki at
mga anak na babae.
8 At sa ilalim ng pangalang
ito, kayo ay ginawang [a]malaya,
at [b]walang ibang pangalan
kung saan kayo ay kayang ga-
wing malaya. Walang ibang
[c]pangalang ibinigay kung saan
ang kaligtasan ay darating; kaya
nga, nais kong [d]taglayin ninyo
ang pangalan ni Cristo, kayong
lahat na nakipagtipan sa Diyos,
na kayo ay maging masunurin
hanggang sa wakas ng inyong
mga buhay.
9 At ito ay mangyayari na
sinuman ang gagawa nito ay
matatagpuan sa kanang kamay
ng Diyos, sapagkat malalaman
niya ang pangalang itatawag
sa kanya; sapagkat siya ay tata-
wagin sa pangalan ni Cristo.
10 At ngayon, ito ay mangya-
yari na sinuman ang hindi mag-
tataglay ng pangalan ni Cristo
sa kanyang sarili ay tatawagin
sa [a]ibang pangalan; anupa't ma-
tatagpuan niya ang sarili sa
[b]kaliwang kamay ng Diyos.
11 At nais kong inyo ring pa-
katandaan, na ito ang [a]panga-
lang sinabi ko na aking ibibi-
gay sa inyo na hindi kailanman
mabubura, maliban na lamang
kung dahil sa kasalanan; kaya
nga, ingatan ninyo na hindi
kayo magkasala, nang ang pa-
ngalan ay hindi mabura sa in-
yong mga puso.
12 Sinasabi ko sa inyo, nais
kong inyong pakatandaan na
[a]panatilihing laging nakasulat
ang pangalan sa inyong mga
puso, nang kayo ay hindi ma-
tagpuan sa kaliwang kamay ng
Diyos, kundi ang inyong mari-
nig at makilala ang tinig ng ta-
tawag sa inyo, at gayundin,
ang pangalang kanyang itata-
wag sa inyo.
13 Sapagkat paano [a]makikila-
la ng isang tao ang panginoon
na hindi niya pinaglingkuran,
at kung sino ay dayuhan sa
kanya, at malayo sa pag-iisip at
mga hangarin ng kanyang
puso?
14 At muli, kinukuha ba ng
isang tao ang asno na pag-aari
ng kanyang kapitbahay, at ita-
tago ito? Sinasabi ko sa inyo,

7*a* Mos. 27:24–26; Moi. 6:64–68. GBK Anak na Lalaki at Babae ng Diyos, Mga.
*b* GBK Isinilang.
*c* GBK Puso.
*d* Mos. 15:10–11. GBK Isilang na Muli, Isinilang sa Diyos.
*e* D at T 11:30.
8*a* Rom. 6:18; Gal. 5:1; Hel. 14:30.
*b* Gawa 4:10, 12; Alma 21:9.
*c* Mos. 26:18.
*d* Gawa 11:26; Alma 46:15.
10*a* Alma 5:38–39.
*b* Mat. 25:33.
11*a* Mos. 1:11–12. GBK Jesucristo—Taglayin ang pangalan ni Jesucristo sa atin.
12*a* D at T 18:23–25.
13*a* Mos. 26:24–27.

Hindi; ni hindi niya pahihintu-
lutan na pakainin ito sa kan-
yang mga kawan, kundi ito ay
kanyang itataboy, at iwawaksi
sa labas. Sinasabi ko sa inyo,
gayundin ang mangyayari sa
inyo kung hindi ninyo nalala-
man ang pangalang itatawag
sa inyo.
15 Sa gayon, nais kong kayo
ay maging matatag at huwag
matitinag, laging nananagana
sa mabubuting gawa, upang si
Cristo, ang Panginoong Diyos
na Makapangyarihan, ay [a]ma-
tatakan kayong kanya, upang
kayo ay madala sa langit,
upang kayo ay magkaroon ng
walang hanggang kaligtasan at
buhay na walang hanggan, sa
pamamagitan ng karunungan,
at kapangyarihan, at kataru-
ngan, at awa niya na [b]lumikha
sa lahat ng bagay na nasa langit
at sa lupa, na siyang Diyos ng
lahat. Amen.

## KABANATA 6

*Itinala ni Haring Benjamin ang mga pangalan ng mga tao at humirang ng mga saserdote upang turuan sila—Namahala si Mosias bilang isang mabuting hari. Mga 124–121 B.C.*

AT ngayon, inakala ni haring
Benjamin na kapaki-pakina-
bang, matapos mangusap sa
mga tao, na [a]kunin niya ang pa-
ngalan ng lahat ng yaong naki-
pagtipan sa Diyos na susundin
ang kanyang mga kautusan.
2 At ito ay nangyari na, na
wala kahit isang kaluluwa, ma-
liban sa maliliit na bata, ang
hindi nakipagtipan at tinaglay
sa kanilang sarili ang pangalan
ni Cristo.
3 At muli, ito ay nangyari na,
nang si haring Benjamin ay
makatapos sa lahat ng bagay
na ito, at itinalaga ang kanyang
anak na si [a]Mosias na maging
tagapamahala at hari ng kan-
yang mga tao, at ibinigay sa
kanya ang lahat ng pananagu-
tan hinggil sa kaharian, at [b]nag-
hirang din ng mga saserdote
upang [c]turuan ang mga tao,
nang sa gayon maaari nilang
marinig at malaman ang mga
kautusan ng Diyos, at upang
pukawin sila sa pag-alaala ng
[d]sumpang kanilang ginawa, pi-
nauwi na niya ang maraming
tao, at sila ay nagsiuwi, bawat
isa, alinsunod sa kanilang mga
mag-anak, sa kani-kanilang ta-
hanan.
4 At si [a]Mosias ay nagsimu-
lang mamahala bilang kahalili
ng kanyang ama. At nagsimula
siyang mamahala sa ikatatlum-
pung taon ng kanyang gulang,
gumagawa ng kabuuan nang,
mga apat na raan at pitumpu at
anim na taon mula sa [b]panahong
lisanin ni Lehi ang Jerusalem.
5 At si haring Benjamin ay na-

15*a* GBK Pagkakatawag at Pagkakahirang; Pagpapabanal.
*b* Col. 1:16; Mos. 4:2; Alma 11:39.
**6** 1*a* D at T 128:8.
3*a* Mos. 1:10; 2:30.
*b* GBK Ordenan, Pag-oorden.
*c* Alma 4:7.
*d* Mos. 5:5–7.
4*a* GBK Mosias, Anak ni Benjamin.
*b* 1 Ne. 1:4.

buhay ng tatlo pang taon at siya
ay namatay.
6 At ito ay nangyari na, na si
haring Mosias ay lumakad sa
mga landas ng Panginoon, at
sinunod ang kanyang mga
paghuhukom at kanyang mga
batas, at sinunod ang kanyang
mga kautusan sa lahat ng ba-
gay na ipinag-uutos sa kanya.
7 At ipinabungkal ni haring
Mosias ang lupa sa kanyang
mga tao. At siya rin, ay nag-
bungkal ng lupa, nang sa gayon
siya ay [a]hindi maging pabigat
sa kanyang mga tao, upang ma-
gawa niya ang naaalinsunod sa
ginawa ng kanyang ama sa lahat
ng bagay. At walang ano mang
alitang nangyari sa kanyang
mga tao sa loob ng tatlong taon.

## KABANATA 7

*Natagpuan ni Ammon ang lupain ng Lehi-Nephi, kung saan si Limhi ang hari—Ang mga tao ni Limhi ay nasa pagkaalipin sa mga Lamanita—Isinalaysay ni Limhi ang kanilang kasaysayan—Nagpatotoo ang isang propeta (si Abinadi) na si Cristo ang Diyos at Ama ng lahat ng bagay—Ang mga yaong nagtanim ng karumihan ay mag-aani ng buhawi, at ang mga yaong nagbigay ng kanilang pagtitiwala sa Panginoon ay maliligtas. Mga 121* B.C.

AT ngayon, ito ay nangyari na,
na matapos makatamasa si ha-
ring Mosias ng patuloy na ka-
payapaan sa loob ng tatlong
taon, nagnais siyang malaman
ang hinggil sa mga taong [a]uma-
hon upang manirahan sa lupa-
in ng Lehi-Nephi, o sa lunsod
ng Lehi-Nephi; sapagkat ang
kanyang mga tao ay walang
anumang nabalitaan hinggil sa
kanila mula pa noong pana-
hong umalis sila sa lupain ng
[b]Zarahemla; samakatwid, bina-
gabag siya ng kanilang mga
panliligalig.
2 At ito ay nangyari na, na pi-
nahintulutan ni haring Mosias
na umahon ang labing-anim sa
kanilang malalakas na kalala-
kihan sa lupain ng Lehi-Nephi,
upang magsiyasat hinggil sa
kanilang mga kapatid.
3 At ito ay nangyari na, na
nagsimula silang umahon ki-
nabukasan, kasama nila ang
isang Ammon, siya na isang
malakas at magiting na lalaki,
at isang inapo ni Zarahemla; at
siya rin ang kanilang pinuno.
4 At ngayon, hindi nila alam
kung anong landas ang kani-
lang tatahakin sa ilang upang
makaahon sa lupain ng Lehi-
Nephi; kaya nga, nagpagala-
gala sila ng maraming araw sa
ilang, maging sa apatnapung
araw silang nagpagala-gala.
5 At nang nakagala na sila ng
apatnapung araw ay nakara-
ting sila sa isang burol, na nasa
hilaga ng lupain ng [a]Silom, at
doon nila itinayo ang kanilang
mga tolda.
6 At ipinagsama ni Ammon

6 7*a* 2 Cor. 11:9.
**7** 1*a* Omni 1:27–30.
*b* Omni 1:13.
5*a* Mos. 9:6, 8, 14.

ang tatlo sa kanyang mga kapatid, at ang kanilang mga pangalan ay Amaleki, Helem, at Hem, at bumaba sila sa lupain ng [a]Nephi.
7 At masdan, nakaharap nila ang hari ng mga tao na nasa lupain ng Nephi, at sa lupain ng Silom; at pinalibutan sila ng mga bantay ng hari, at dinakip, at iginapos, at ipinasok sa bilangguan.
8 At ito ay nangyari na, nang ikalawang araw nila sa bilangguan ay muli silang dinala sa harapan ng hari, at ang kanilang mga gapos ay kinalag; at tumayo sila sa harapan ng hari, at pinahintulutan sila, o sa lalong maliwanag, inutusang sagutin nila ang mga katanungang kanyang itatanong sa kanila.
9 At sinabi niya sa kanila: Masdan, ako si [a]Limhi, ang anak ni Noe, na anak ni Zenif, na lumisan sa lupain ng Zarahemla upang manahin ang lupaing ito, na lupain ng kanilang mga ama, na ginawang hari sa pamamagitan ng tinig ng mga tao.
10 At ngayon, nais kong malaman ang dahilan kung bakit nangahas kayong lumapit sa mga muog ng lunsod, nang ako na rin, ay kasama ng aking mga bantay sa labas ng pintuangbayan?
11 At ngayon, sa dahilang ito kung kaya't kayo ay pinahintulutan kong mabuhay, upang matanong ko kayo, kung hindi ay ipinapatay ko na sana kayo sa aking mga bantay. Pinahihintulutan kayong makapagsalita.
12 At ngayon, nang matanto ni Ammon na siya ay pinahihintulutang makapagsalita, lumapit siya at yumukod sa harapan ng hari; at nang muling tumayo ay sinabi niya: O hari, labis akong nagpapasalamat sa Diyos sa araw na ito na nabubuhay pa ako, at pinahihintulutang makapagsalita; at mangangahas akong magsalita pa;
13 Sapagkat ako ay nakatitiyak na kung nakikilala ninyo ako ay hindi ninyo pahihintulutang ako ay magapos. Sapagkat ako, si Ammon, ay isang inapo ni [a]Zarahemla, at naglakbay mula sa lupain ng Zarahemla upang magsiyasat hinggil sa aming mga kapatid, na inilabas ni Zenif mula sa lupain.
14 At ngayon, ito ay nangyari na, na matapos marinig ni Limhi ang mga salita ni Ammon, labis siyang nagalak, at sinabi: Ngayon, nalalaman ko nang may katiyakan na ang aking mga kapatid na nasa lupain ng Zarahemla ay buhay pa. At ngayon, ako ay magsasaya; at bukas ay papapangyarihin ko na ang aking mga tao ay magsaya rin.
15 Sapagkat masdan, kami ay nasa pagkaalipin sa mga Lamanita, at [a]nabubuwisan ng buwis na napakabigat dalhin. At ngayon, masdan, palalayain tayo ng ating mga kapatid mula sa ating pagkaalipin, o mula sa mga kamay ng mga Lamanita, at magi-

6*a* 2 Ne. 5:8.
9*a* Mos. 11:1.
13*a* Omni 1:12–15.
15*a* Mos. 19:15.

ging mga alipin nila tayo; sapagkat higit na mabuting maging mga alipin tayo ng mga Nephita kaysa magbayad ng buwis sa hari ng mga Lamanita.
16 At ngayon, inutusan ni haring Limhi ang kanyang mga bantay na hindi na nila dapat igapos pa si Ammon ni ang kanyang mga kapatid, kundi pinapangyari na sila ay magtungo sa burol na nasa hilaga ng Silom, at dalhin ang kanilang mga kapatid sa lunsod, nang sa gayon sila ay makakain, at makainom, at maipahinga ang kanilang sarili mula sa hirap ng kanilang paglalakbay; sapagkat maraming bagay ang kanilang dinanas; nagdanas sila ng gutom, uhaw, at pagod.
17 At ngayon, ito ay nangyari na, na kinabukasan si haring Limhi ay nagpadala ng pahayag sa lahat ng kanyang mga tao, nang sa gayon sama-samang matipon nila ang sarili sa [a]templo, upang pakinggan ang mga salitang kanyang sasabihin sa kanila.
18 At ito ay nangyari na, nang sama-samang matipon nila ang sarili ay nangusap siya sa kanila sa ganitong pamamaraan, sinasabing: O kayo, aking mga tao, itaas ang inyong mga ulo at maaliw; sapagkat masdan, nalalapit na ang panahon, o hindi na nalalayo, na hindi na tayo masasakop pa ng ating mga kaaway, sa kabila ng marami nating pakikibaka, na nauwi sa wala; ngunit nananalig ako na mayroon pang nananatiling isang mabisang pakikibaka na magagawa.
19 Kaya nga, itaas ang inyong mga ulo, at magsaya, at ibigay ang inyong tiwala sa [a]Diyos, sa yaong Diyos na Diyos ni Abraham, at ni Isaac, at ni Jacob; at gayon din, yaong Diyos na [b]naglabas sa mga anak ni Israel sa lupain ng Egipto, at pinapangyari na sila ay makalakad sa Dagat na Pula sa ibabaw ng tuyong lupa, at pinakain sila ng [c]manna upang hindi sila mangasawi sa ilang; at marami pang bagay ang kanyang ginawa para sa kanila.
20 At muli, ang yaon ding Diyos ang [a]naglabas sa ating mga ama sa lupain ng Jerusalem, at nag-aruga at nangalaga sa kanyang mga tao maging hanggang sa ngayon; at masdan, dahil sa ating kasamaan at mga karumal-dumal na gawain kaya tayo ay dinala niya sa pagkaalipin.
21 At lahat kayo ay mga saksi sa araw na ito, na si Zenif, na ginawang hari ng mga taong ito, siya na naging labis na [a]pabigla-bigla upang manahin ang lupain ng kanyang mga ama, samakatwid, dahil sa nalinlang ng katusuhan at pandaraya ni haring Laman, na nakipagkasundo kay haring Zenif, at matapos isuko sa kanyang mga

17*a* 2 Ne. 5:16.
19*a* Ex. 3:6; 1 Ne. 19:10.
*b* Ex. 12:40–41; Alma 36:28.
*c* Ex. 16:15, 35; Blg. 11:7–8; Jos. 5:12.
20*a* 1 Ne. 2:1–4.
21*a* Mos. 9:1–3.

kamay ang pag-aari ng isang bahagi ng lupain, o maging ang lunsod ng Lehi-Nephi, at ang lunsod ng Silom; at ang lupain sa paligid—
22 At ang lahat ng ito ay kanyang ginawa, dahil sa natatanging layuning [a]dalhin ang mga taong ito sa pagkalupig o pagkaalipin. At masdan, tayo sa panahong ito ay nagbabayad ng buwis sa hari ng mga Lamanita, hanggang sa kalahati ng ating mga mais, at ng ating cebada, at maging bawat uri ng lahat ng ating mga butil, at kalahati ng tubo ng ating mga kawan at bakahan; at maging kalahati ng lahat ng mayroon tayo o inaari ay sinisingil sa atin ng hari ng mga Lamanita, o ang ating mga buhay.
23 At ngayon, hindi ba ito mabigat dalhin? At hindi ba itong ating pagdurusa ay labis? Ngayon masdan, anong laking dahilan upang tayo ay magdalamhati.
24 Oo, sinasabi ko sa inyo, napakalaki ng mga dahilan upang tayo ay magdalamhati; sapagkat masdan kayrami na sa ating mga kapatid ang napatay, at ang kanilang dugo ay dumanak nang walang kabuluhan, at lahat ay dahil sa kasamaan.
25 Sapagkat kung hindi sana nangahulog sa paglabag ang mga taong ito ay hindi sana pinahintulutan ng Panginoon na sumapit ang malaking kapahamakang ito sa kanila. Subalit masdan, ayaw nilang makinig sa kanyang mga salita; kundi nagkaroon ng mga alitan sa kanila, maging hanggang sa dumanak ang dugo sa kanila.
26 At isang [a]propeta ng Panginoon ang kanilang pinatay; oo, isang piniling tao ng Diyos, na nagsabi sa kanila ng kanilang mga kasamaan at karumal-dumal na gawain, at nagpropesiya ng maraming bagay na mangyayari, oo, maging ang pagparito ni Cristo.
27 At dahil sa sinabi niya sa kanila na si Cristo ang [a]Diyos, ang Ama ng lahat ng bagay, at sinabing [b]mag-aanyong tao siya, at ito ang anyo kung saan inanyo ang tao sa simula; o sa ibang mga salita, sinabi niyang nilikha ang tao na kawangis ng [c]Diyos, at na ang Diyos ay bababa sa mga anak ng tao, at magkakaroon siya ng laman at dugo, at hahayo sa balat ng lupa—
28 At ngayon, dahil sa sinabi niya ito, kanilang pinatay siya; at marami pang bagay ang kanilang ginawa na nagdala ng kapootan ng Diyos sa kanila. Kaya nga, sino ang magtataka na sila ay nasa pagkaalipin, at sila nga ay binagabag ng matinding paghihirap?
29 Sapagkat masdan, sinabi ng Panginoon: Hindi ko [a]tutulungan ang aking mga tao sa araw ng kanilang pagkakasala;

22*a* Mos. 10:18.
26*a* Mos. 17:12–20.
27*a* GBK Diyos, Panguluhang Diyos.
*b* Gen. 1:26–28; Eter 3:14–17; D at T 20:17–18.
*c* Mos. 13:33–34; 15:1–4.
29*a* 1 Sam. 12:15; 2 Cron. 24:20.

kundi hahadlangan ko ang kanilang mga landas nang hindi sila umunlad; at ang kanilang mga gawa ay magiging isang batong katitisuran nila.
30 At muli, sinabi niya: Kung magpupunla ng [a]karumihan ang aking mga tao, [b]aanihin nila ang ipa niyon sa buhawi; at ang kahihinatnan nito ay lason.
31 At muli sinabi niya: Kung magpupunla ng karumihan ang aking mga tao, aanihin nila ang hanging [a]silangan, na nagdadala ng dagliang pagkalipol.
32 At ngayon, masdan, ang pangako ng Panginoon ay natupad, at kayo ay pinarurusahan at naghihirap.
33 Subalit kung kayo ay [a]babaling sa Panginoon nang may buong layunin ng puso, at ibibigay ang tiwala ninyo sa kanya, at paglilingkuran siya nang buong pagsusumigasig ng pagiisip, kung gagawin ninyo ito, siya, alinsunod sa kanyang sariling kalooban at kagalakan, ay palalayain kayo mula sa pagkaalipin.

## KABANATA 8

*Tinuruan ni Ammon ang mga tao ni Limhi—Nalaman niya ang tungkol sa dalawampu't apat na lamina ng mga Jaredita—Ang mga sinaunang talaan ay maaaring isalin ng mga tagakita—Walang kaloob ang hihigit pa kaysa sa pagka-tagakita. Mga 121 B.C.*

AT ito ay nangyari na, na matapos mangusap si haring Limhi sa kanyang mga tao, sapagkat marami siyang sinabi sa kanila at kaunti lamang sa mga yaon ang aking naisulat sa aklat na ito, sinabi niya sa kanyang mga tao ang lahat ng bagay hinggil sa kanilang mga kapatid na nasa lupain ng Zarahemla.
2 At pinapangyari niya na si Ammon ay tumayo sa harapan ng maraming tao, at ilahad sa kanila ang lahat ng nangyari sa kanilang mga kapatid mula sa panahong si Zenif ay umahon mula sa lupain maging hanggang sa panahong siya rin ay dumating sa lupain.
3 At inilahad din niya sa kanila ang mga huling salitang itinuro ni haring Benjamin sa kanila, at ipinaliwanag ang mga ito sa mga tao ni haring Limhi, nang sa gayon maunawaan nila ang lahat ng salitang kanyang sinabi.
4 At ito ay nangyari na, nang matapos niyang gawin ang lahat ng ito, na pinauwi ni haring Limhi ang maraming tao, at pinapangyari na ang bawat isa sa kanila ay magsibalik na sa kanikanilang tahanan.
5 At ito ay nangyari na, na pinapangyari niya na ang mga laminang naglalaman ng mga [a]talaan ng kanyang mga tao mula noong panahong umalis sila sa lupain ng Zarahemla ay dalhin sa harapan ni Ammon,

30*a* GBK Marumi, Karumihan.
*b* Gal. 6:7–8; D at T 6:33. GBK Pag-aani.
31*a* Jer. 18:17; Mos. 12:6.
33*a* Morm. 9:6.
**8** 5*a* Mos. 9–22.

upang kanyang mabasa ang
mga ito.
6 Ngayon, pagkatapos na pag-
katapos mabasa ni Ammon ang
mga talaan, ang hari ay nagta-
nong sa kanya upang malaman
kung siya ay makapagpapali-
wanag ng mga wika, at sinabi
ni Ammon sa kanya na hindi
siya marunong.
7 At sinabi ng hari sa kanya:
Dahil sa pagdadalamhating san-
hi ng paghihirap ng aking mga
tao, pinapangyari ko na apat-
napu at tatlo ng aking mga tao
ang maglakbay sa ilang, nang
sa gayon ay baka sakaling ma-
tagpuan nila ang lupain ng Za-
rahemla, upang makapagsuma-
mo kami sa aming mga kapatid
na palayain kami mula sa pag-
kaalipin.
8 At naligaw sila sa ilang sa
loob ng maraming araw, ngunit
nagsumigasig sila, at hindi na-
tagpuan ang lupain ng Zara-
hemla kundi bumalik sa lupaing
ito, matapos maglakbay sa isang
lupain sa gitna ng maraming
tubig, matapos matagpuan ang
isang lupaing natatabunan ng
mga buto ng tao, at ng mga
hayop, at natatabunan din ng
mga guho ng bawat uri ng gu-
sali, matapos matagpuan ang
isang lupaing tinirahan ng mga
taong kasindami ng mga huk-
bo ng Israel.
9 At bilang patunay na totoo
ang kanilang sinabi sila ay nag-
dala ng [a]dalawampu't apat na
lamina na puno ng mga ukit, at
gawa ang mga ito sa lantay na
ginto.
10 At masdan din, nagdala
sila ng mga [a]baluti sa dibdib,
na malalaki, at gawa ang mga
ito sa [b]tanso at tumbaga, at mga
walang sira.
11 At muli, nagdala sila ng
mga espada, ang mga puluhan
niyon ay sira na, at ang mga ta-
lim niyon ay kinain na ng kala-
wang; at walang sinuman sa
lupain ang makapagpaliwanag
ng wika o ng mga ukit na nasa
mga lamina. Kung kaya't sina-
bi ko sa iyo: Marunong ka bang
magsalin?
12 At sinasabi ko sa iyong
muli: May kilala ka bang maru-
nong magsalin? Sapagkat nais
kong maisalin sa aming wika
ang mga talaang ito; sapagkat,
baka sakali, ang mga ito ay ma-
kapagbigay sa amin ng kaala-
man ng labi ng mga taong nali-
pol, kung saan ang mga tala-
ang ito ay nanggaling; o, baka
sakali, ang mga ito ay maka-
pagbigay sa amin ng kaalaman
ng tungkol na rin sa mga taong
ito na nalipol; at nais kong ma-
laman ang sanhi ng kanilang
pagkalipol.
13 Ngayon sinabi ni Ammon
sa kanya: Ako ay tiyak na ma-
kapagsasabi sa inyo, O hari, ng
isang lalaking [a]makapagsasalin
ng mga talaan; sapagkat may
kakayahan siya na tumingin, at
magsalin ng lahat ng talaang
sinauna; at kaloob ito mula sa
Diyos. At ang mga bagay na ito

9*a* Eter 1:1–2.
10*a* Eter 15:15.
*b* Eter 10:23.
13*a* Mos. 28:10–17.

ay tinatawag na mga [b]pansalin, at walang sinumang makatitingin dito maliban kung inutusan siya, at baka tingnan niya ang yaong hindi nararapat at masawi siya. At kung sinuman ang inutusang tumingin dito, siya rin ang tinatawag na [c]tagakita.
14 At masdan, ang hari ng mga tao na nasa lupain ng Zarahemla ang taong inutusan upang gawin ang mga bagay na ito, at siyang may taglay nitong mataas na kaloob mula sa Diyos.
15 At sinabi ng hari na ang tagakita ay higit pa kaysa propeta.
16 At sinabi ni Ammon na ang tagakita ay tagapaghayag at propeta rin; at ang kaloob na nakahihigit ay hindi maaaring makamtan ng sinuman, maliban kung taglay niya ang kapangyarihan ng Diyos, na walang sinuman ang maaaring magtaglay; bagaman maaaring magtaglay ang isang tao ng dakilang kapangyarihan na ibinigay sa kanya mula sa Diyos.
17 Subalit maaaring malaman ng tagakita ang mga bagay na nakalipas na, at gayon din ang mga bagay na mangyayari pa lamang, at sa pamamagitan nila ay ipahahayag ang lahat ng bagay, o, sa lalong maliwanag, ang mga lihim na bagay ay maipaaalam, at ang mga nakatagong bagay ay malalagay sa liwanag, at ang mga bagay na hindi pa nalalaman ay ipaaalam nila, at ang mga bagay rin na hindi sana malalaman ay maipaaalam nila.
18 Sa gayon ang Diyos ay nagbigay ng paraan upang ang tao, sa pamamagitan ng pananampalataya, ay makagawa ng mga makapangyarihang himala; anupa't siya ay naging malaking kapakinabangan sa kanyang kapwa.
19 At ngayon, nang matapos si Ammon sa pangungusap ng mga salitang ito ay labis na nagsaya ang hari, at nagbigay-pasasalamat sa Diyos, sinasabing: Walang alinlangan na isang [a]malaking hiwaga ang nilalaman ng mga laminang ito, at ang mga pansaling ito ay walang alinlangang inihanda para sa layunin ng paglalahad ng mga hiwagang ganito sa mga anak ng tao.
20 O kagila-gilalas ang mga gawa ng Panginoon, at gaano katagal niyang titiisin ang kanyang mga tao; oo, at napakabulag at di maarok ang mga pang-unawa ng mga anak ng tao; sapagkat ayaw nilang maghangad ng karunungan, ni hindi nila nais na mamuno siya sa kanila!
21 Oo, para silang mga ligaw na kawan na nagsisitakas mula sa pastol, at nagsikalat, at nataboy, at mga sinila ng mga halimaw ng kagubatan.

---

ANG TALAAN NI ZENIF—Isang ulat ng kanyang mga tao, mula sa panahong umalis sila sa lupain ng Zarahemla hanggang sa panahong naligtas sila mula

---

13*b* GBK Urim at Tummim.
*c* GBK Tagakita.
19*a* Eter 3:21–28; 4:4–5.

sa mga kamay ng mga Lama-
nita.

*Binubuo ng mga kabanata 9 hang-
gang 22 na pinagsama-sama.*

## KABANATA 9

*Si Zenif ay namuno ng isang pang-
kat mula sa Zarahemla upang ang-
kinin ang lupain ng Lehi-Nephi—
Ang hari ng mga Lamanita ay pi-
nahintulutan silang manahin ang
lupain—Nagkaroon ng digmaan sa
pagitan ng mga Lamanita at mga
tao ni Zenif. Mga 200–187 B.C.*

Ako, si Zenif, na naturuan sa
lahat ng wika ng mga Nephita,
at nagkaroon ng kaalaman
tungkol sa [a]lupain ng Nephi, o
ng lupain ng unang pamana ng
aming mga ama, at naisugo bi-
lang isang tiktik sa mga Lama-
nita upang matiktikan ko ang
kanilang lakas, upang masala-
kay sila ng aming mga hukbo
at lipulin sila—subalit nang
makita kong may mabait sa ka-
nila ay hinangad kong hindi na
sila lipulin.
2 Kung kaya't nakipagtalo ako
sa aking mga kapatid sa ilang,
sapagkat ninais kong makipag-
kasundo sa kanila ang aming
pinuno; subalit dahil sa siya ay
isang mabagsik at taong uhaw
sa dugo, iniutos niyang pata-
yin ako; subalit naligtas ako
dahil sa labis na pagpapadanak
ng dugo; sapagkat ang ama ay
lumaban sa ama, at kapatid la-
ban sa kapatid, hanggang sa
nalipol ang malaking bahagi
ng aming hukbo sa ilang; at bu-
malik kami, yaong mga natira
sa amin, sa lupain ng Zarahem-
la, upang isalaysay ang pangya-
yaring yaon sa kanilang mga
asawa't anak.
3 At gayon pa man, ako na la-
bis na nagpabigla-bigla na ma-
mana ang lupain ng aming mga
ama, ay nagtipon ng kasindami
ng nagnanais na umahon upang
angkinin ang lupain, at nagsi-
mulang muling maglakbay sa
ilang paahon sa lupain; subalit
binagabag kami ng pagkagu-
tom at mga labis na paghihi-
rap; sapagkat naging mabagal
kami sa pag-alaala sa Pangino-
on naming Diyos.
4 Gayon pa man, matapos ang
maraming araw na paglalak-
bay sa ilang, itinayo namin ang
aming mga tolda sa lugar kung
saan napatay ang aming mga
kapatid, na malapit sa lupain
ng aming mga ama.
5 At ito ay nangyari na, na ako
ay nagtungong muli kasama
ang apat sa aking mga tauhan
sa lunsod, patungo sa hari,
upang malaman ko ang kaloo-
ban ng hari, at upang malaman
ko kung maaari akong puma-
sok kasama ang aking mga tao
at angkinin ang lupain nang
mapayapa.
6 At ako ay humarap sa hari,
at siya ay nakipagtipan sa akin
na maaari kong angkinin ang
lupain ng Lehi-Nephi, at ang
lupain ng Silom.
7 At iniutos din niyang umalis

**9** 1*a* 2 Ne. 5:5–8; Omni 1:12.

sa lupain ang kanyang mga
tao, at ako at ang aking mga tao
ay pumasok sa lupain upang
angkinin ito.
8 At kami ay nagsimulang
magtayo ng mga gusali, at ayu-
sin ang mga muog ng lunsod,
oo, maging ang mga muog ng
lunsod ng Lehi-Nephi, at ng
lunsod ng Silom.
9 At kami ay nagsimulang
magbungkal ng lupa, oo, ma-
ging lahat ng uri ng butil, mga
butil ng mais, at ng trigo, at ng
cebada, at ng neas, at ng seum,
at ng mga binhi ng lahat ng uri
ng bungang-kahoy; at kami ay
nagsimulang dumami at umun-
lad sa lupain.
10 Ngayon, ito ang katusuhan
at pandaraya ni haring Laman,
ang [a]dalhin ang aking mga tao
sa pagkaalipin, kung kaya't isi-
nuko niya ang lupain upang
maangkin namin ito.
11 Sa gayon ito ay nangyari na,
na matapos kaming manirahan
sa lupain sa loob ng labindala-
wang taon ay nagsimulang ma-
balisa si haring Laman, at baka
sa anumang pamamaraan ang
aking mga tao ay maging mala-
kas sa lupain, at hindi nila ma-
daig sila at madala sila sa pag-
kaalipin.
12 Ngayon, sila ay mga tamad
at mga taong [a]sumasamba sa
mga diyus-diyusan; kaya nga
ninais nila na kami ay dalhin sa
pagkaalipin, upang magpaka-
bundat sila sa mga gawa ng
aming mga kamay; oo, upang
magpakabusog sila sa mga ka-
wan ng aming mga pastulan.
13 Samakatwid ito ay nangyari
na, na si haring Laman ay nag-
simulang galitin ang kanyang
mga tao upang sila ay makipag-
laban sa aking mga tao; kaya
nga, nagsimulang magkaroon
ng mga digmaan at kaguluhan
sa lupain.
14 Sapagkat, sa ikalabingtat-
long taon ng aking paghahari sa
lupain ng Nephi, sa dakong ka-
timugan ng lupain ng Silom,
nang pinaiinom at pinakakain
ng aking mga tao ang kanilang
mga kawan, at binubungkal ang
kanilang mga lupa, isang napa-
kalaking hukbo ng mga Lama-
nita ang sumalakay at nagsi-
mulang patayin sila, at kinuha
ang kanilang mga kawan, at
mga mais ng kanilang bukirin.
15 Oo, at ito ay nangyari na,
na sila ay nagsitakas, ang lahat
ng hindi naabutan, maging sa
lunsod ng Nephi, at nanawa-
gan sa akin para sa kaligtasan.
16 At ito ay nangyari na, na si-
nandatahan ko sila ng mga bu-
sog, at ng mga palaso, at ng mga
espada, at ng mga simitar, at ng
mga pamalo, at ng mga tirador,
at ng lahat ng uri ng sandata na
aming maaaring malikha, at
ako, kasama ng aking mga tao
ay humayo upang harapin ang
mga Lamanita sa digmaan.
17 Oo, sa lakas ng Panginoon
kami ay nakipagdigma sa mga
Lamanita; sapagkat ako at ang
aking mga tao ay taimtim na

10*a* Mos. 7:21–22.
12*a* Enos 1:20.
GBK Pagsamba sa Diyus-diyusan.

nagsumamo sa Panginoon na
iligtas niya kami mula sa mga
kamay ng aming mga kaaway,
sapagkat kami ay nagising sa
pag-alaala ng pagkakaligtas ng
aming mga ama.
18 At [a]dininig ng Diyos ang
aming mga pagsusumamo at
tinugon ang aming mga panala-
ngin; at humayo kami sa kan-
yang kapangyarihan; oo, huma-
yo kami laban sa mga Lamanita,
at sa loob ng isang araw at isang
gabi ay nakapatay kami ng tat-
long libo at apatnapu't tatlo; pi-
nagpapatay namin sila maging
hanggang sa maitaboy namin
sila palabas ng aming lupain.
19 At ako rin, sa pamamagitan
ng aking sariling mga kamay, ay
tumulong sa paglibing ng kani-
lang mga patay. At masdan, sa
aming labis na kalungkutan at
panaghoy, dalawang daan at
pitumpu't siyam ng aming mga
kapatid ang napatay.

## KABANATA 10

*Si Haring Laman ay namatay—Ang kanyang mga tao ay mababangis at malulupit at naniniwala sa mga maling kaugalian—Si Zenif at ang kanyang mga tao ay nanaig laban sa kanila. Mga 187–160 B.C.*

At ito ay nangyari na, na muli
naming sinimulang itatag ang
kaharian at muli naming sini-
mulang angkinin ang lupain
nang mapayapa. At pinapang-
yari kong gumawa ng lahat ng
uri ng sandata ng digmaan,
nang sa gayon ako ay magkaro-
on ng mga sandata para sa
aking mga tao sa pagdating ng
panahon na ang mga Lamanita
ay sumalakay muli upang ma-
kidigma sa aking mga tao.
2 At ako ay naglagay ng mga
bantay sa paligid ng lupain,
upang ang mga Lamanita ay
hindi na makasalakay sa aming
muli nang di namamalayan at
lipulin kami; at sa ganito ko bi-
nantayan ang aking mga tao at
aking mga kawan, at iniadya
sila mula sa pagkahulog sa mga
kamay ng aming mga kaaway.
3 At ito ay nangyari na, na
aming minana ang lupain ng
aming mga ama sa loob ng ma-
raming taon, oo, sa loob ng da-
lawampu at dalawang taon.
4 At pinapangyari kong bung-
kalin ang lupa ng kalalakihan,
at magtanim ng lahat ng uri ng
[a]butil at lahat ng uri ng bawat
bungang-kahoy.
5 At pinapangyari ko na ang
kababaihan ay magkidkid, at
magsikap, at gumawa, at mag-
habi ng lahat ng uri ng mainam
na lino, oo, at lahat ng uri ng
[a]tela, upang madamitan namin
ang aming kahubaran; at sa ga-
nito kami umunlad sa lupain—
at sa ganito kami nagkaroon ng
patuloy na kapayapaan sa lu-
pain sa loob ng dalawampu at
dalawang taon.
6 At ito ay nangyari na, na si
haring [a]Laman ay namatay, at
nagsimulang mamamahala ang

18*a* Mos. 29:20.
**10** 4*a* Mos. 9:9.
5*a* Alma 1:29.
6*a* Mos. 9:10–11; 24:3.

kanyang anak bilang kahalili
niya. At sinimulan niyang pu-
kawin ang kanyang mga tao na
maghimagsik laban sa aking
mga tao; anupa't nagsimula si-
lang maghanda upang maki-
digma, at sumalakay sa pakiki-
digma laban sa aking mga tao.
7 Subalit isinugo ko ang aking
mga tiktik sa paligid ng lupain
ng [a]Semlon, upang matuklasan
ko ang kanilang mga pagha-
handa, upang makapagbantay
ako laban sa kanila, upang hin-
di sila makasalakay sa aking
mga tao at lipulin sila.
8 At ito ay nangyari na, na sila
ay sumalakay sa dakong hilaga
ng lupain ng Silom, kasama ang
kanilang napakalaking hukbo,
mga kalalakihang [a]nasasandata-
han ng mga [b]busog, at ng mga
palaso, at ng mga espada, at ng
mga simitar, at ng mga bato, at
ng mga tirador; at kanilang ina-
hitan ang kanilang mga ulo
kung kaya't sila ay kalbo; at sila
ay nabibigkisan ng bigkis na ba-
lat sa kanilang mga balakang.
9 At ito ay nangyari na, na pi-
napangyari ko na ang mga ka-
babaihan at mga anak ng aking
mga tao ay magtago sa ilang; at
pinapangyari ko rin na ang lahat
ng matandang lalaki na kayang
magdala ng sandata, at gayon
din ang lahat ng aking mga
kabataang lalaki na kayang
magdala ng sandata ay sama-
samang tipunin ang kanilang
sarili upang makidigma laban
sa mga Lamanita; at inayos ko
sila sa kanilang mga hanay, ba-
wat lalaki alinsunod sa kan-
yang gulang.
10 At ito ay nangyari na, na
kami ay umahon upang maki-
digma laban sa mga Lamanita;
at ako, maging ako, sa aking
katandaan, ay umahon upang
makidigma laban sa mga Lama-
nita. At ito ay nangyari na, na
kami ay umahon sa [a]lakas ng
Panginoon upang makidigma.
11 Ngayon, ang mga Lamanita
ay walang nalalaman hinggil sa
Panginoon, ni sa lakas ng Pa-
nginoon, anupa't umaasa sila
sa kanilang sariling lakas. Ga-
yon man sila ay malalakas na
tao, kung sa lakas din lamang
ng mga tao.
12 Sila ay [a]mababangis, at ma-
lulupit, at mga taong uhaw sa
dugo, naniniwala sa mga [b]kau-
galian ng kanilang mga ama,
na ito—Naniniwala na sila ay
itinaboy palabas ng lupain ng
Jerusalem dahil sa kasamaan
ng kanilang mga ama, at na gi-
nawan sila ng masama sa ilang
ng kanilang mga kapatid, at gi-
nawan din sila ng masama ha-
bang tumatawid sa dagat;
13 At muli, na ginawan sila
ng masama habang nasa lupain
ng kanilang [a]unang pamana,
matapos silang tumawid sa da-
gat, at lahat ng ito ay dahil sa
higit na matapat si Nephi sa
pagsunod sa mga kautusan ng
Panginoon—samakatwid [b]pi-

7*a* Mos. 11:12.
8*a* Jar. 1:8.
*b* Alma 3:4–5.
10*a* GBK Pagtitiwala.
12*a* Alma 17:14.
*b* 2 Ne. 5:1–3.
13*a* 1 Ne. 18:23.
*b* 1 Ne. 17:35.

nagpala siya ng Panginoon, sa-
pagkat dininig ng Panginoon
ang kanyang mga panalangin
at tinugon ang mga yaon, at
siya ang namuno sa kanilang
paglalakbay sa ilang.
14 At napoot sa kanya ang
kanyang mga kapatid dahil sa
hindi nila [a]naunawaan ang
mga pakikitungo ng Pangino-
on; [b]napoot din sila sa kanya sa
ibabaw ng mga tubig dahil sa
pinatigas nila ang kanilang
mga puso laban sa Panginoon.
15 At muli, napoot sila sa kan-
ya nang makarating na sila sa
lupang pangako, dahil sa kani-
lang sinabi na kinuha niya ang
[a]pamumuno sa mga tao mula
sa kanilang mga kamay; at hi-
nangad nilang patayin siya.
16 At muli, napoot sila sa kan-
ya dahil sa lumisan siya patu-
ngo sa ilang nang inutusan siya
ng Panginoon, at dinala ang
mga [a]talaang nauukit sa mga la-
minang tanso, sapagkat kani-
lang sinasabi na [b]pinagnakawan
niya sila.
17 At sa ganito nila tinuruan
ang kanilang mga anak na da-
pat nilang kapootan sila, at da-
pat nilang paslangin sila, at da-
pat nilang pagnakawan at dam-
bungan sila, at gawin ang lahat
ng kanilang magagawa upang
lipulin sila; anupa't sila ay may
walang hanggang pagkapoot
sa mga anak ni Nephi.
18 Sa natatanging kadahila-
nang ito si haring Laman, sa pa-
mamagitan ng kanyang katu-
suhan, at pagsisinungaling, at
ng kanyang maiinam na panga-
ko, ay nalinlang ako, na dinala
ko ang aking mga tao sa lupaing
ito, upang kanilang malipol sila;
oo, at nagdusa kami nitong ma-
raming taon sa lupain.
19 At ngayon ako, si Zenif,
matapos sabihin ang lahat ng
bagay na ito sa aking mga tao
hinggil sa mga Lamanita, pina-
sigla ko sila na humayo sa dig-
maan sa kanilang lakas, ibini-
bigay ang kanilang tiwala sa
Panginoon; samakatwid, kami
ay nakipaglaban sa kanila, nang
harap-harapan.
20 At ito ay nangyari na, na
muli naming naitaboy sila pa-
labas ng aming lupain; at napa-
tay namin sila nang malupit na
pagkatay, maging napakarami
kung kaya't hindi na namin
sila mabilang.
21 At ito ay nangyari na, na
muli kaming bumalik sa aming
mga lupain, at ang aking mga
tao ay muling nagsimulang
mamastol ng kanilang mga ka-
wan, at magbungkal ng kani-
lang lupa.
22 At ngayon ako, na matanda
na, ay iginawad ang kaharian
sa isa sa aking mga anak na
lalaki; samakatwid, wala na
akong sasabihin pa. At pagpa-
lain nawa ng Panginoon ang
aking mga tao. Amen.

## KABANATA 11

*Si Haring Noe ay namahala sa kasamaan—Labis siyang nagpa-*

14*a* 1 Ne. 15:7–11.
*b* 1 Ne. 18:10–11.
15*a* 2 Ne. 5:3.
16*a* 2 Ne. 5:12.
*b* Alma 20:10, 13.

*kasaya sa magulong pamumuhay kasama ang kanyang mga asawa at kalunya—Si Abinadi ay nagpropesiya na madadala sa pagkaalipin ang mga tao—Hinangad kitlin ni Haring Noe ang kanyang buhay. Mga 160–150* B.C.

AT ngayon ito ay nangyari na, na iginawad ni Zenif ang kaharian kay Noe, isa sa kanyang mga anak na lalaki; anupa't nagsimulang mamahala si Noe bilang kahalili niya; at hindi siya lumakad sa mga landas ng kanyang ama.
2 Sapagkat masdan, hindi niya sinunod ang mga kautusan ng Diyos, kundi lumakad siya alinsunod sa mga naisin ng kanyang puso. At marami siyang asawa at [a]kalunya. At [b]pinapangyari niya na ang kanyang mga tao ay magkasala, at gawin yaong karumal-dumal sa paningin ng Panginoon. Oo, at gumawa sila ng mga [c]pagpapatutot at lahat ng uri ng kasamaan.
3 At nagpataw siya ng buwis na ikalimang bahagi ng lahat ng kanilang pag-aari, ikalimang bahagi ng kanilang ginto at ng kanilang pilak, at ikalimang bahagi ng kanilang [a]zif, at ng kanilang tumbaga, at ng kanilang tanso at kanilang bakal; at ikalimang bahagi ng kanilang mga patabain; at ikalimang bahagi rin ng lahat ng kanilang butil.
4 At ang lahat ng ito ay kinamkam niya upang maitustos sa kanyang sarili, at sa kanyang mga asawa at sa kanyang mga kalunya; at sa kanya ring mga saserdote, at sa kanilang mga asawa at sa kanilang mga kalunya; at sa gayon niya pinalitan ang mga pamamalakad ng kaharian.
5 Sapagkat inalis niya ang lahat ng saserdoteng itinalaga ng kanyang ama, at nagtalaga ng mga bago na kanilang kahalili, mga yaong iniangat sa kapalaluan ng kanilang mga puso.
6 Oo, at sa gayon sila tinutustusan sa kanilang katamaran, at sa kanilang pagsamba sa mga diyus-diyusan, at sa kanilang mga pagpapatutot, sa pamamagitan ng mga buwis na ipinataw ni haring Noe sa kanyang mga tao; sa gayon ang mga tao ay nagpagal upang matustusan ang kasamaan.
7 Oo, at sumamba rin sila sa mga diyus-diyusan, dahil sa nalinlang sila ng mga walang kabuluhan at mapanghibok na salita ng hari at mga saserdote; sapagkat nangusap sila ng mga mapanghibok na salita sa kanila.
8 At ito ay nangyari na, na nagtayo si haring Noe ng maraming marangya at maluwang na gusali; at pinalamutian niya ang mga ito ng mahuhusay na yaring kahoy, at lahat ng uri ng mahahalagang bagay, ng ginto, at ng pilak, at ng bakal, at ng tanso, at ng zif, at ng tumbaga;

**11** 2*a* Jac. 3:5.
*b* 1 Hari 14:15–16; Mos. 29:31.
*c* 2 Ne. 28:15.
3*a* HEB mga magkakaugnay na salita: pang-uri, "lumiliwanag"; pandiwa, "kalupkupan o itubog sa metal."

9 At nagpatayo rin siya para sa kanyang sarili ng isang maluwang na palasyo, at isang trono sa gitna niyon, ang lahat ng ito ay yari sa mahusay na kahoy at pinalamutian ng ginto at pilak at ng mahahalagang bagay.

10 At pinapangyari rin niya na ang kanyang mga manggagawa ay gumawa ng lahat ng uri ng mahuhusay na kayarian sa loob ng dingding ng templo, ng mahusay na kahoy, at ng tumbaga, at ng tanso.

11 At ang mga luklukang inilaan para sa kanyang matataas na saserdote, na mataas sa lahat ng ibang mga luklukan, ay kanyang pinalamutian ng lantay na ginto; at pinapangyari niyang magtayo ng isang dantayan, upang kanilang maipahinga ang kanilang mga katawan at kanilang mga bisig habang nangungusap sila ng mga kasinungalingan at walang kabuluhang salita sa kanyang mga tao.

12 At ito ay nangyari na, na nagtayo siya ng isang [a]tore na malapit sa templo; oo, isang napakataas na tore, maging napakataas na makatatayo siya sa tuktok niyon at matatanaw ang lupain ng Silom, at gayon din ang lupain ng Semlon, na pag-aari ng mga Lamanita; at maaari rin niyang matanaw ang lahat ng lupain sa paligid.

13 At ito ay nangyari na, na pinapangyari niyang magtayo ng maraming gusali sa lupain ng Silom; at pinapangyari niya na magtayo ng mataas na tore sa burol na nasa hilaga ng lupain ng Silom, na naging kanlungan ng mga anak ni Nephi sa panahong tumakas sila sa lupain; at ganito ang kanyang ginawa sa mga kayamanang natamo niya sa pamamagitan ng pagbubuwis sa kanyang mga tao.

14 At ito ay nangyari na, na inilagak niya ang kanyang puso sa kanyang mga kayamanan, at ginugol niya ang kanyang panahon sa magulong pamumuhay kasama ng kanyang mga asawa at kanyang mga kalunya; at gayon din, ang kanyang mga saserdote ay iginugol ang kanilang panahon sa mga patutot.

15 At ito ay nangyari na, na nagtanim siya ng mga ubasan sa paligid ng lupain; at nagtayo siya ng mga pisaan ng ubas, at gumawa ng maraming alak; at samakatwid, naging [a]manlalango siya, at gayon din ang kanyang mga tao.

16 At ito ay nangyari na, na ang mga Lamanita ay nagsimulang sumalakay sa kanyang mga tao, sa maliliit na bilang, at patayin sila sa kanilang mga bukirin, at habang ipinapastol nila ang kanilang mga kawan.

17 At nagpadala si haring Noe ng mga bantay sa paligid ng lupain upang hindi sila makapasok; subalit hindi sapat ang bilang ng kanyang ipinadala, at sinalakay sila ng mga Lamanita at pinatay sila, at itinaboy ang marami sa kanilang mga kawan papalabas ng lupain; sa ganito sila nagsimulang lipulin ng mga

12*a* Mos. 19:5–6.
15*a* gbk Salita ng Karunungan.

Lamanita, at ipalasap ang kanilang pagkapoot sa kanila.
18 At ito ay nangyari na, na ipinadala ni haring Noe ang kanyang mga hukbo laban sa kanila, at naitaboy silang pabalik, o kanilang naitaboy sila pabalik nang pansamantala; kaya nga, bumalik silang nagsasaya sa kanilang nasamsam.
19 At ngayon, dahil sa malaking pagkapanalong ito, iniangat sila sa kapalaluan ng kanilang mga puso; [a]nagmalaki sila sa sarili nilang lakas, sinasabi na ang kanilang limampu ay kayang labanan ang mga libulibong Lamanita; at sa ganito sila nagmalaki, at nalugod sa dugo, at sa pagpapadanak ng dugo ng kanilang mga kapatid, at ito ay dahil sa kasamaan ng kanilang hari at mga saserdote.
20 At ito ay nangyari na, na may isang lalaki sa kanila na nagngangalang [a]Abinadi; at humayo siya sa kanila, at nagsimulang magpropesiya, sinasabing: Masdan, ganito ang wika ng Panginoon, at sa ganito niya ako inutusan, sinasabing, Humayo, at sabihin sa mga taong ito, ganito ang wika ng Panginoon—sa aba sa mga taong ito, sapagkat nakita ko ang kanilang mga karumal-dumal na gawain, at ang kanilang kasamaan, at ang kanilang mga pagpapatutot; at maliban kung magsisisi sila ay parurusahan ko sila sa aking galit.
21 At maliban kung magsisisi sila at bumaling sa Panginoon nilang Diyos, masdan, ibibigay ko sila sa mga kamay ng kanilang mga kaaway; oo, at sila ay madadala sa [a]pagkaalipin; at pahihirapan sila ng kamay ng kanilang mga kaaway.
22 At ito ay mangyayari na makikilala nila na ako ang Panginoon nilang Diyos, at isang [a]selosong Diyos, na nagpaparusa sa mga kasamaan ng aking mga tao.
23 At ito ay mangyayari na maliban kung magsisisi ang mga taong ito at bumaling sa Panginoon nilang Diyos, sila ay madadala sa pagkaalipin; at walang makapagpapalaya sa kanila, maliban sa Panginoon, ang Pinakamakapangyarihang Diyos.
24 Oo, at ito ay mangyayari na kapag nagsumamo sila sa akin, magiging [a]mabagal ako sa pagdinig ng kanilang mga pagsusumamo; oo, at pahihintulutan ko silang pahirapan ng kanilang mga kaaway.
25 At maliban kung magsisisi sila na suot ang magaspang na damit at sa alabok, at magsusumamo nang taimtim sa Panginoon nilang Diyos, ay hindi ko [a]diringgin ang kanilang mga panalangin, ni hindi ko sila hahanguin sa kanilang mga paghihirap; at gayon ang wika ng Panginoon, at sa gayon niya ako inutusan.

19*a* D at T 3:4.
GBK Kapalaluan.
20*a* GBK Abinadi.
21*a* Mos. 12:2; 20:21; 21:13–15; 23:21–23.
22*a* Ex. 20:5; Deut. 6:15; Mos. 13:13.
24*a* Mi. 3:4; Mos. 21:15.
25*a* Is. 1:15; 59:2.

26 Ngayon ito ay nangyari na,
nang sabihin ni Abinadi ang
mga salitang ito sa kanila, sila ay
napoot sa kanya, at hinangad na
kitlin ang kanyang buhay; subalit
iniligtas siya ng Panginoon
mula sa kanilang mga kamay.
27 Ngayon, nang marinig ni
haring Noe ang mga salitang sinabi
ni Abinadi sa mga tao, na
napoot din siya; at sinabi niya:
Sino si Abinadi, na ako at ang
aking mga tao ay hahatulan
niya, o [a]sino ang Panginoon, na
magpapataw ng malupit na
pagpapahirap sa aking mga tao?
28 Inuutusan ko kayong dalhin
dito si Abinadi, upang mapatay
ko siya, sapagkat sinabi
niya ang mga bagay na ito
upang pukawin niya ang aking
mga tao na magalit sa isa't isa,
at lumikha ng mga alitan sa
aking mga tao; kaya nga, siya
ay papatayin ko.
29 Ngayon, ang mga mata ng
mga tao ay [a]nabubulagan; samakatwid,
[b]pinatigas nila ang
kanilang mga puso laban sa
mga salita ni Abinadi, at pinagsikapan
nila mula noon na dakpin
siya. At pinatigas ni haring
Noe ang kanyang puso laban
sa salita ng Panginoon, at hindi
siya nagsisi sa kanyang masasamang
gawa.

## KABANATA 12

*Si Abinadi ay ibinilanggo dahil sa pagpopropesiya ng pagkalipol ng mga tao at ng kamatayan ni Haring Noe—Binanggit ng mga huwad na saserdote ang mga banal na kasulatan at nagkunwaring sinusunod ang mga batas ni Moises—Nagsimula si Abinadi na ituro sa kanila ang Sampung Kautusan. Mga 148 B.C.*

At ito ay nangyari na, na matapos
ang dalawang taon na si
Abinadi ay nagtungo sa kanila
na nakabalatkayo, kung kaya't
hindi nila siya nakilala, at nagsimulang
magpropesiya sa kanila,
sinasabing: Sa ganito ako
inutusan ng Panginoon, sinasabing—Abinadi,
humayo at
magpropesiya sa aking mga tao,
sapagkat pinatigas nila ang kanilang
mga puso laban sa aking
mga salita; sila ay hindi nagsisi
sa kanilang masasamang gawa;
samakatwid, [a]parurusahan ko
sila sa aking galit, oo, sa aking
masidhing galit sila ay aking
parurusahan sa kanilang mga
kasamaan at karumal-dumal na
gawain.
2 Oo, sa aba sa salinlahing ito!
At sinabi sa akin ng Panginoon:
Iunat mo ang iyong kamay
at magpropesiya, sabihing: Ganito
ang wika ng Panginoon,
ito ay mangyayari na ang salinlahing
ito, dahil sa kanilang
mga kasamaan, ay madadala
sa [a]pagkaalipin, at masasampal
sa [b]pisngi; oo, at itataboy ng
mga tao, at papatayin; at ang
mga buwitre sa himpapawid,
at ang mga aso, oo, at ang ma-

27*a* Ex. 5:2; Mos. 12:13.
29*a* Moi. 4:4.
*b* Alma 33:20; Eter 11:13.
**12** 1*a* Is. 65:6.
2*a* Mos. 11:21; 20:21; 21:13–15; 23:21–23.
*b* Mos. 21:3–4.

babangis na hayop, ay sisilain ang kanilang laman.
3 At ito ay mangyayari na ang [a]buhay ni haring Noe ay pahahalagahan ng tulad sa isang kasuotan sa loob ng mainit na [b]hurno; sapagkat makikilala niya na ako ang Panginoon.
4 At ito ay mangyayari na parurusahan ko ang mga tao kong ito ng masidhing paghihirap, oo, ng taggutom at ng [a]salot; at [b]pananaghuyin ko sila sa buong maghapon.
5 Oo, at aking papapangyarihin na sila'y magkaroon ng mga [a]pasanin sa kanilang mga likuran; at ipagtatabuyan silang tulad ng asnong hangal.
6 At ito ay mangyayari na magpapadala ako ng yelong ulan sa kanila, at pahihirapan sila nito; at babagabagin din sila ng hanging [a]silangan; at guguluhin din ng mga [b]kulisap ang kanilang lupain, at lalamunin ang kanilang butil.
7 At babagabagin sila ng malupit na salot—at gagawin ko ang lahat ng ito dahil sa kanilang mga [a]kasamaan at karumal-dumal na gawain.
8 At ito ay mangyayari na maliban kung magsisisi sila, ay lubusan ko silang [a]lilipulin mula sa balat ng lupa; subalit mag-iiwan sila ng [b]talaan, at pangangalagaan ko ang mga ito para sa mga ibang bansang magmamay-ari sa lupain; oo, maging ito ay aking gagawin upang maipaalam ko ang mga karumal-dumal na gawain ng mga taong ito sa mga ibang bansa. At marami pang bagay ang iprinopesiya ni Abinadi laban sa mga taong ito.
9 At ito ay nangyari na, na nagalit sila sa kanya; at kanilang dinakip siya at dinala siyang nakagapos sa harapan ng hari, at sinabi sa hari: Masdan, nagdala kami ng tao sa inyong harapan na nagpropesiya ng kapahamakan hinggil sa inyong mga tao, at nagsabing lilipulin sila ng Diyos.
10 At nagpropesiya rin siya ng kapahamakan hinggil sa inyong buhay, at sinabi na ang inyong buhay ay matutulad sa isang kasuotan sa hurno ng apoy.
11 At muli, sinabi niyang matutulad kayo sa isang tangkay, maging tulad ng tuyong tangkay sa bukirin, na dinadaanan ng mga hayop at yinayapakan sa ilalim ng paa.
12 At muli, sinabi niyang matutulad kayo sa mga bulaklak ng halamang matinik, na, kapag ganap na itong hinog, kung iihip ang hangin, ito ay matatangay sa ibabaw ng lupain. At nagkukunwari siya na ang Panginoon ang nagsabi nito. At sinabi niyang ang lahat ng ito ay sasapit sa inyo maliban kung magsisisi kayo, at ito ay dahil sa inyong mga kasamaan.
13 At ngayon, O hari, anong malaking kasamaan ang in-

3*a* Mos. 12:10.
*b* Mos. 19:20.
4*a* D at T 97:26.
*b* Mos. 21:9–10.
5*a* Mos. 21:3.
6*a* Jer. 18:17; Mos. 7:31.
*b* Ex. 10:1–12.
7*a* D at T 3:18.
8*a* Alma 45:9–14.
*b* Morm. 8:14–16.

yong nagawa, o anong malaking kasalanan ang nagawa ng inyong mga tao, na tayo ay susumpain ng Diyos o hahatulan ng taong ito?

14 At ngayon, O hari, masdan, wala tayong kasalanan, at kayo, O hari, ay hindi nagkasala; anupa't ang taong ito ay nagsinungaling hinggil sa inyo, at nagpropesiya siya ng walang kabuluhan.

15 At masdan, malalakas tayo, hindi tayo madadala sa pagkaalipin, o madadalang bihag ng ating mga kaaway; oo, at umunlad kayo sa lupain, at uunlad rin kayo.

16 Masdan, naririto ang lalaki, ibinibigay namin siya sa inyong mga kamay; maaari ninyong gawin sa kanya kung ano ang ipinalalagay ninyong makabubuti.

17 At ito ay nangyari na, na pinapangyari ni haring Noe na ipatapon si Abinadi sa bilangguan; at iniutos niya na ang mga [a]saserdote ay sama-samang magtipon ng kanilang sarili upang makapagdaos sila ng isang pagpupulong kung ano ang kanyang nararapat gawin sa kanya.

18 At ito ay nangyari na, na sinabi nila sa hari: Dalhin siya rito upang makapagtanong kami sa kanya; at iniutos ng haring dalhin siya sa harapan nila.

19 At nagsimula silang tanungin siya, upang kanilang mapasinungalingan siya, nang sa gayon sila ay magkaroon ng ipararatang sa kanya; subalit kanyang tinugon sila nang buong tapang, at [a]napangatwiranan ang lahat ng kanilang katanungan, oo, sa kanilang panggigilalas; sapagkat kanyang napangatwiranan sila sa lahat ng kanilang katanungan, at nilito sila sa lahat ng kanilang salita.

20 At ito ay nangyari na, na isa sa kanila ay nagsabi sa kanya: Ano ang kahulugan ng mga salitang nasusulat, at itinuro ng ating mga ama, sinasabing:

21 [a]Anong ganda sa mga bundok ang mga paa ng yaong nagdadala ng mabubuting balita; na naghahayag ng kapayapaan; na nagdadala ng mabuting balita ng kabutihan; na naghahayag ng kaligtasan; na nagsasabi sa Sion, Ang iyong Diyos ay naghahari;

22 Ang inyong mga tagabantay ay magtataas ng tinig; sa pamamagitan ng magkakasamang tinig sila ay aawit, sapagkat kanilang makikita nang mata sa mata kung kailan ibabalik na muli ng Panginoon ang Sion;

23 Magpakagalak; magsiawit nang magkakasama, kayong mga nawasak na dako ng Jerusalem; sapagkat inaliw ng Panginoon ang kanyang mga tao, tinubos niya ang Jerusalem;

24 Ipinakita ng Panginoon ang kanyang banal na [a]bisig sa paningin ng lahat ng bansa, at lahat ng dulo ng mundo ay makikita ang kaligtasan ng ating Diyos?

17*a* Mos. 11:11.
19*a* D at T 100:5–6.
21*a* Is. 52:7–10; Nah. 1:15.
24*a* 1 Ne. 22:11.

25 At ngayon sinabi ni Abinadi sa kanila: Mga [a]saserdote ba kayo, at nagkukunwaring tinuturuan ang mga taong ito, at nakauunawa ng diwa ng pagpopropesiya, subalit nagnanais na malaman sa akin ang kahulugan ng mga bagay na ito?
26 Sinasabi ko sa inyo, sa aba ninyo sa pagliligaw ng mga landas ng Panginoon! Sapagkat kung nauunawaan ninyo ang mga bagay na ito ay hindi ninyo itinuro ang mga yaon; anupa't iniligaw ninyo ang mga landas ng Panginoon.
27 Hindi ninyo ginamit ang inyong mga puso sa [a]pangunawa; samakatwid, hindi kayo naging matalino. Kung gayon, ano ang itinuturo ninyo sa mga taong ito?
28 At sinabi nila: Itinuturo namin ang mga batas ni Moises.
29 At muli sinabi niya sa kanila: Kung itinuturo ninyo ang mga [a]batas ni Moises ay bakit hindi ninyo sinusunod ang mga ito? Bakit ninyo inilalagak ang inyong mga puso sa mga kayamanan? Bakit kayo gumagawa ng mga [b]pagpapatutot at sinasayang ang inyong lakas sa mga patutot, oo, at pinapangyaring magkasala ang mga taong ito, nang magkaroon ang Panginoon ng dahilang isugo ako upang magpropesiya laban sa mga taong ito, oo, maging isang malaking kapahamakan laban sa mga taong ito?
30 Hindi ba ninyo nalalaman na nagsasabi ako ng totoo? Oo, alam ninyong nagsasabi ako ng totoo; at nararapat lamang na manginig kayo sa harapan ng Diyos.
31 At ito ay mangyayari na parurusahan kayo dahil sa inyong kasamaan, sapagkat sinabi ninyong itinuturo ninyo ang mga batas ni Moises. At ano ang nalalaman ninyo hinggil sa mga batas ni Moises? [a]Na ang kaligtasan ba ay darating sa pamamagitan ng mga batas ni Moises? Ano ang masasabi ninyo?
32 At tumugon sila at sinabing darating nga ang kaligtasan sa pamamagitan ng mga batas ni Moises.
33 Subalit ngayon sinabi ni Abinadi sa kanila: Alam ko na kung susundin ninyo ang mga kautusan ng Diyos na kayo ay maliligtas; oo, kung susundin ninyo ang mga kautusang ibinigay ng Panginoon kay Moises sa bundok ng [a]Sinai, sinasabing:
34 [a]Ako ang Panginoon ninyong Diyos, na [b]naglabas sa inyo sa lupain ng Egipto, mula sa bahay ng pagkaalipin.
35 Huwag kayong magkakaroon ng [a]ibang Diyos maliban sa akin.
36 Huwag kayong gagawa sa

25*a* Mos. 11:5.
27*a* GBK Pagkaunawa.
29*a* GBK Batas ni Moises, Mga.
*b* GBK Pakikiapid.
31*a* Mos. 3:15; 13:27–32; Alma 25:16.
33*a* Ex. 19:9, 16–20; Mos. 13:5.
34*a* Ex. 20:2–4.
*b* Ex. 12:51; 1 Ne. 17:40; Mos. 7:19.
35*a* Os. 13:4. GBK Pagsamba sa Diyus-diyusan.

inyong sarili ng anumang inukit
na larawan, o anumang nahaha-
lintulad ng anumang bagay na
nasa langit sa taas, o mga ba-
gay na nasa ilalim ng lupa.
37 Ngayon sinabi ni Abinadi sa
kanila, Ginawa ba ninyo ang la-
hat ng ito? Sinasabi ko sa inyo,
Hindi, hindi ninyo ginawa. At
[a]itinuro ba ninyo sa mga taong
ito na dapat nilang gawin ang
lahat ng bagay na ito? Sinasabi
ko sa inyo, Hindi, hindi ninyo
itinuro.

## KABANATA 13

*Si Abinadi ay pinangalagaan ng dakilang kapangyarihan—Itinuro niya ang Sampung Kautusan—Ang kaligtasan ay hindi darating sa pamamagitan lamang ng mga batas ni Moises—Ang Diyos na rin ang gagawa ng pagbabayad-sala at tutubusin ang kanyang mga tao. Mga 148 B.C.*

At ngayon nang marinig ng
hari ang mga salitang ito, sina-
bi niya sa kanyang mga saser-
dote: Dalhin ang taong ito, at
patayin siya; sapagkat ano ang
mapapala natin sa kanya, sa-
pagkat siya ay baliw.
2 At nagsitayo sila at nagtang-
kang hawakan siya ng kanilang
mga kamay; subalit kanyang
napaglabanan sila, at sinabi sa
kanila:
3 Huwag ninyo akong salingin,
sapagkat parurusahan kayo ng
Diyos kung hahawakan ninyo
ako, sapagkat hindi ko pa nai-
hahayag ang mensaheng ibini-
gay ng Panginoon sa akin na
ipahayag; ni hindi ko pa nasa-
sabi sa inyo ang yaong [a]hinihi-
ling ninyong sabihin ko; sama-
katwid, hindi ipahihintulot ng
Diyos na ako ay mamatay sa
oras na ito.
4 Subalit kailangan kong tupa-
rin ang mga kautusang iniutos
ng Diyos sa akin; at dahil sa si-
nabi ko sa inyo ang katotoha-
nan kayo ay nagagalit sa akin.
At muli, dahil sa sinabi ko ang
salita ng Diyos, hinatulan nin-
yo ako na ako ay baliw.
5 Ngayon ito ay nangyari na,
na matapos sabihin ni Abinadi
ang mga salitang ito na ang
mga tao ni haring Noe ay hindi
nagtangkang hawakan siya ng
kanilang mga kamay, sapagkat
nasa kanya ang Espiritu ng Pa-
nginoon; at ang kanyang muk-
ha ay [a]nagliwanag nang may
di pangkaraniwang pagkinang,
maging tulad kay Moises ha-
bang nasa bundok ng Sinai,
habang nakikipag-usap sa Pa-
nginoon.
6 At nangusap siya nang may
[a]kapangyarihan at karapatan
mula sa Diyos; at ipinagpatu-
loy niya ang kanyang mga sali-
ta, sinasabing:
7 Nakikita ninyong wala ka-
yong kapangyarihan na pata-
yin ako, samakatwid, tatapusin
ko ang aking mensahe. Oo, at
nahihiwatigan kong [a]tumatagos
ito sa inyong mga puso dahil sa

37*a* Mos. 13:25–26.
**13** 3*a* Mos. 12:20–24.
5*a* Ex. 34:29–35.
6*a* GBK Kapangyarihan.
7*a* 1 Ne. 16:2.

sinabi ko sa inyo ang katotohanan hinggil sa inyong mga kasamaan.
8 Oo, at pinupuno kayo ng aking mga salita ng pagkamangha at panggigilalas, at ng galit.
9 Subalit tatapusin ko ang aking mensahe; at pagkatapos hindi na mahalaga kung saan ako patutungo, kung mangyayari na ako ay maliligtas.
10 Subalit ito lamang ang masasabi ko sa inyo, kung ano ang gagawin ninyo sa akin, pagkatapos nito, ay magiging [a]halimbawa at anino ng mga bagay na darating.
11 At ngayon babasahin ko sa inyo ang nalalabi sa mga [a]kautusan ng Diyos, sapagkat nahihiwatigan kong hindi ito nakasulat sa inyong mga puso; nahihiwatigan kong nag-aral kayo at nagturo ng kasamaan sa halos buong buhay ninyo.
12 At ngayon, tandaan ninyong sinabi ko sa inyo: Huwag kayong gagawa sa inyong sarili ng anumang inukit na larawan, o anumang nahahalintulad ng anumang bagay na nasa langit sa taas, o mga yaong nasa lupa sa ilalim, o mga yaong sa ilalim ng lupa.
13 At muli: Huwag kayong yuyukod sa kanila, ni paglingkuran sila; sapagkat ako na Panginoon ninyong Diyos ay selosong Diyos, nagpaparusa sa mga kasamaan ng mga ama sa mga anak, hanggang sa ikatlo at ikaapat na salinlahi nila na napopoot sa akin;
14 At nagpapakita ng awa sa mga yaong libu-libo na nagmamahal sa akin at sumusunod sa aking mga kautusan.
15 Huwag ninyong babanggitin ang pangalan ng Panginoon ninyong Diyos sa walang saysay; sapagkat hindi pawawalang-sala ng Panginoon ang bumanggit sa kanyang pangalan nang walang saysay.
16 Alalahanin ang araw ng [a]sabbath upang panatilihing banal ito.
17 Anim na araw kayong gagawa, at gagawin ang lahat ng inyong gawain.
18 Subalit sa ikapitong araw, ang sabbath ng Panginoon ninyong Diyos, huwag kayong gagawa ng anumang gawain, kayo, ni ang inyong anak na lalaki, ni ang inyong anak na babae, ang inyong lalaking tagapagsilbi, ni ang inyong babaing tagapagsilbi, ni ang inyong baka, ni ang dayuhan na nasa loob ng inyong mga pasukan;
19 Sapagkat sa loob ng [a]anim na araw ay nilikha ng Panginoon ang langit at lupa, at ang dagat, at lahat ng naroroon; anupa't pinagpala ng Panginoon ang araw ng sabbath, at pinabanal ito.
20 [a]Igalang ninyo ang inyong ama at inyong ina, upang maging mahaba ang inyong mga araw sa lupaing ibinigay ng Panginoon ninyong Diyos sa inyo.

10*a* Mos. 17:13–19; Alma 25:10.
11*a* Ex. 20:1–17.
16*a* GBK Araw ng Sabbath.
19*a* Gen. 1:31.
20*a* Mar. 7:10.

21 Huwag kayong [a]papatay.
22 Huwag kayong [a]makikiapid. Huwag kayong [b]magnanakaw.
23 Huwag kayong sasaksi nang [a]walang katotohanan laban sa inyong kapwa.
24 Huwag ninyong [a]pag-iimbutan ang sambahayan ng inyong kapwa, huwag ninyong pag-iimbutan ang asawa ng inyong kapwa, ni ang kanyang lalaking tagapagsilbi, ni ang kanyang babaing tagapagsilbi, ni ang kanyang baka, ni ang kanyang asno, ni anumang bagay na pag-aari ng inyong kapwa.
25 At ito ay nangyari na, nang matapos si Abinadi sa mga salitang ito ay sinabi niya sa kanila: Tinuruan ba ninyo ang mga taong ito na dapat nilang gawin ang lahat ng bagay na ito upang masunod ang mga kautusang ito?
26 Sinasabi ko sa inyo, Hindi; sapagkat kung ginawa ninyo ito, hindi na sana pinapangyari ng Panginoon na isugo ako at magpropesiya ng kapahamakan hinggil sa mga taong ito.
27 At ngayon sinabi ninyo na ang kaligtasan ay darating sa pamamagitan ng mga batas ni Moises. Sinasabi ko sa inyo na kinakailangang sundin ninyo ang mga [a]batas ni Moises sa ngayon; subalit sinasabi ko sa inyo, na darating ang panahon na [b]hindi na kakailanganing sundin pa ang mga batas ni Moises.
28 At bukod doon, sinasabi ko sa inyo, na ang [a]kaligtasan ay hindi darating sa pamamagitan ng [b]batas lamang; at kung hindi dahil sa [c]pagbabayad-sala, na gagawin na rin ng Diyos para sa mga kasalanan at kasamaan ng kanyang mga tao, ay tiyak na di maiiwasan silang masawi, sa kabila ng mga batas ni Moises.
29 At ngayon sinasabi ko sa inyo na kinakailangang magkaroon ng batas na maibibigay sa mga anak ni Israel, oo, maging isang [a]napakahigpit na batas; sapagkat sila ay mga taong matitigas ang leeg, [b]mabilis sa paggawa ng kasamaan, at mabagal sa pag-alaala sa Panginoon nilang Diyos;
30 Kaya nga, may [a]batas na ibinigay sa kanila, oo, isang batas ng mga gawain at ng mga [b]ordenansa, isang batas na kanilang mahigpit na [c]susundin sa araw-araw, upang mapanatili sila sa pag-alaala sa Diyos at sa kanilang tungkulin sa kanya.
31 Subalit masdan, sinasabi ko sa inyo, na ang lahat ng bagay

21*a* Mat. 5:21–22; D at T 42:18. GBK Pagpaslang.
22*a* GBK Pakikiapid.
*b* GBK Magnakaw, Pagnanakaw.
23*a* Kaw. 24:28. GBK Pagsisinungaling.
24*a* GBK Imbot.
27*a* GBK Batas ni Moises, Mga.
*b* 3 Ne. 9:19–20; 15:4–5.
28*a* Gal. 2:16. GBK Tubos, Tinubos, Pagtubos; Kaligtasan.
*b* Gal. 2:21; Mos. 3:14–15; Alma 25:15–16.
*c* GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala.
29*a* Jos. 1:7–8.
*b* Alma 46:8.
30*a* Ex. 20.
*b* GBK Ordenansa, Mga.
*c* Jac. 4:5.

na ito ay mga [a]kahalintulad ng
mga bagay na darating.
32 At ngayon, nauunawaan ba
nila ang batas? Sinasabi ko sa
inyo, Hindi, hindi nila nauna-
waan lahat ang batas; at ito ay
dahil sa katigasan ng kanilang
mga puso; sapagkat hindi nila
naunawaan na walang sinu-
mang tao ang maliligtas [a]mali-
ban kung ito ay sa pamamagi-
tan ng pagtubos ng Diyos.
33 Sapagkat masdan, hindi
ba't nagpropesiya si Moises sa
kanila hinggil sa pagparito ng
Mesiyas, at na tutubusin ng
Diyos ang kanyang mga tao?
Oo, at maging [a]lahat ng pro-
peta ay nagpropesiya mula pa
sa simula ng daigdig—hindi
ba sila nangusap ng higit-ku-
mulang hinggil sa mga bagay
na ito?
34 Hindi ba't sinabi nila na
ang [a]Diyos na rin ang bababa
sa mga anak ng tao, at tatagla-
yin niya sa kanyang sarili ang
kaanyuan ng tao, at hahayo sa
dakilang kapangyarihan sa ba-
lat ng lupa?
35 Oo, at hindi ba't sinabi rin
nila na papapangyarihin niya
ang [a]pagkabuhay na mag-uli ng
mga patay, at na siya rin, ay pag-
mamalupitan at pahihirapan?

## KABANATA 14

*Si Isaias ay nangusap nang mala-mesiyas—Itinakda ang paghahamak at mga pagdurusa ng Mesiyas—Ginawa niyang handog ang kanyang kaluluwa para sa kasalanan at namagitan para sa mga makasalanan—Ihambing sa Isaias 53. Mga 148 B.C.*

Oo, hindi ba't sinabi ni Isaias:
Sino ang naniwala sa ating ibi-
nabalita, at kanino ipinahaha-
yag ang bisig ng Panginoon?
2 Sapagkat siya ay lalaki sa
kanyang harapan na tulad ng
isang murang halaman, at tulad
ng isang ugat sa labas ng tu-
yong lupa; wala siyang kaan-
yuan ni kagandahang makata-
wag-pansin; at kapag makikita
natin siya, wala siyang kagan-
dahan na maaari nating naisin
sa kanya.
3 Siya ay hinamak at itinakwil
ng mga tao; isang tao ng kalung-
kutan, at sanay sa hapis; at tayo
ay nakubli tulad ng ating pag-
kubli sa ating mga mukha mula
sa kanya; hinamak siya, at hindi
natin siya pinahalagahan.
4 Tunay na kanyang [a]pinasan
ang ating mga [b]dalamhati, at di-
nala ang ating mga kalungku-
tan; gayon man ipinalagay natin
siyang pinarusahan, binagabag
ng Diyos, at pinahirapan.
5 Subalit siya ay nasugatan da-
hil sa ating mga [a]kasalanan, siya
ay nabugbog dahil sa ating mga
kasamaan; ang parusa ng ating
kapayapaan ay nasa kanya; at sa
pamamagitan ng kanyang mga
latay tayo ay [b]gumaling.

---

31*a* Mos. 16:14; Alma 25:15. GBK Pagsagisag.
32*a* 2 Ne. 25:23–25.
33*a* 1 Ne. 10:5; Jac. 4:4; 7:11.
34*a* Mos. 7:27; 15:1–3. GBK Diyos, Panguluhang Diyos.
35*a* Is. 26:19; 2 Ne. 2:8.
**14** 4*a* Alma 7:11–12.
*b* Mat. 8:17.
5*a* Mos. 15:9; Alma 11:40.
*b* 1 Ped. 2:24–25.

6 Tayong lahat, tulad ng [a]tupa, ay nangaligaw; ang bawat isa sa atin ay nagkani-kanyang landas; at pinasan ng Panginoon ang mga kasamaan nating lahat.
7 Siya ay inapi, at siya ay pinahirapan, gayon man, hindi [a]niya ibinuka ang kanyang bibig; dinala siya na tulad ng [b]kordero sa katayan, at tulad ng tupa sa harapan ng kanyang mga manggugupit ay pipi kaya't hindi niya ibinuka ang kanyang bibig.
8 Siya ay inilabas mula sa bilangguan at mula sa hukuman; at sino ang maghahayag ng kanyang salinlahi? Sapagkat siya ay inihiwalay palabas ng lupain ng buhay; dahil sa mga kasalanan ng aking mga tao ay naparusahan siya.
9 At ginawa niya ang kanyang libingan na kasama ng masasama, at kasama ng [a]mayayaman sa kanyang kamatayan; dahil sa wala siyang nagawang [b]masama, ni walang anumang kasinungalingan sa kanyang bibig.
10 Gayon man ikinasiya ng Panginoon na mabugbog siya; siya ay inilagay niya sa pagdadalamhati; kapag inyong ginawang pinakahandog ang kanyang kaluluwa para sa kasalanan ay makikita niya ang kanyang [a]binhi, pahahabain niya ang kanyang mga araw, at ang kasiyahan ng Panginoon ay uunlad sa kanyang kamay.
11 Makikita niya ang paghihirap ng kanyang kaluluwa, at masisiyahan; sa pamamagitan ng kanyang kaalaman ay mabibigyang-katwiran ng aking mabuting tagapaglingkod ang marami; sapagkat [a]papasanin niya ang kanilang mga kasamaan.
12 Samakatwid, hahatian ko siya ng bahagi na kasama ng dakila, at hahatiin niya ang nasamsam na kasama ng malakas; dahil sa ibinuhos niya ang kanyang kaluluwa sa kamatayan; at nabilang siya sa mga makasalanan; at pinasan niya ang mga kasalanan ng marami, at [a]namagitan sa mga makasalanan.

## KABANATA 15

*Kung paano naging kapwa Ama at Anak si Cristo—Siya ay mamamagitan at papasanin ang mga kasalanan ng kanyang mga tao—Sila at ang lahat ng banal na propeta ay kabilang sa kanyang binhi—Kanyang papapangyarihin ang Pagkabuhay na mag-uli—Ang maliliit na bata ay may buhay na walang hanggan. Mga 148 B.C.*

At ngayon sinabi ni Abinadi sa kanila: Ninanais kong inyong maunawaan na ang [a]Diyos din ay bababa sa mga anak ng tao,

6a Mat. 9:36; 2 Ne. 28:14; Alma 5:37.
7a Mar. 15:3. GBK Jesucristo.
b GBK Kordero ng Diyos; Paskua.
9a Mat. 27:57–60; Mar. 15:27, 43–46. GBK Jose ng Arimatea.
b Juan 19:4.
10a Mos. 15:10–13.
11a Lev. 16:21–22; 1 Ped. 3:18; D at T 19:16–19.
12a 2 Ne. 2:9; Mos. 15:8; Moro. 7:27–28.
**15** 1a 1 Tim. 3:16; Mos. 13:33–34. GBK Jesucristo.

at [b]tutubusin ang kanyang mga
tao.
2 At dahil sa [a]nagkatawang-tao
siya, tatawagin siyang Anak ng
Diyos, at ipinasakop ang laman
sa kalooban ng [b]Ama, naging
ang Ama at ang Anak—
3 Ang Ama, [a]dahil sa [b]ipinag-
lihi siya sa pamamagitan ng ka-
pangyarihan ng Diyos; at ang
Anak, dahil sa laman; sa gayon
naging Ama at Anak—
4 At sila ay [a]isang Diyos, oo,
ang siya ring [b]Walang Hang-
gang [c]Ama ng langit at ng lupa.
5 At sa gayon ang laman ay
napasakop sa Espiritu, o ang
Anak sa Ama, na isang Diyos,
[a]dumanas ng tukso, at hindi nag-
padaig sa tukso, kundi pinahin-
tulutan ang kanyang sariling
kutyain, at [b]pahirapan, at ipag-
tabuyan, at [c]itakwil ng kanyang
sariling mga tao.
6 At matapos ang lahat ng ito,
matapos gumawa ng maraming
makapangyarihang himala sa
mga anak ng tao, dadalhin siya,
oo, maging tulad ng sinabi ni
[a]Isaias, tulad ng tupa sa hara-
pan ng manggugupit ay pipi,
kaya't hindi niya [b]ibinuka ang
kanyang bibig.
7 Oo, gayon pa man siya ay
dadalhin, [a]ipapako sa krus, at
papatayin, ang laman ay mapa-
sasakop maging sa kamatayan,
ang [b]kalooban ng Anak ay ma-
pasasakop sa kalooban ng Ama.
8 At sa gayon nalagot ng Diyos
ang mga [a]gapos ng kamatayan,
nakamtan ang [b]tagumpay sa ka-
matayan; binibigyan ang Anak
ng kapangyarihan na [c]mamagi-
tan para sa mga anak ng tao—
9 Matapos makaakyat sa la-
ngit, may sisidlan ng awa; na-
pupuspos ng habag sa mga
anak ng tao; tumayo sa pagitan
nila at sa katarungan; matapos
makalagan ang mga gapos ng
kamatayan, inako [a]niya ang ka-
nilang kasamaan at kanilang
mga kasalanan, matapos silang
tubusin, at [b]tugunin ang mga
hinihingi ng katarungan.
10 At ngayon sinasabi ko sa
inyo, sino ang magpapahayag
ng kanyang salinlahi? Masdan,
sinasabi ko sa inyo, na matapos
magawang pinakahandog ang
kanyang kaluluwa para sa ka-
salanan ay makikita niya ang
kanyang [a]binhi. At ngayon, ano
ang masasabi ninyo? At sino
ang kanyang magiging binhi?

1*b* GBK Tubos, Tinubos, Pagtubos.
2*a* Mos. 3:5; 7:27; Alma 7:9–13.
*b* Is. 64:8; Juan 10:30; 14:8–10; Mos. 5:7; Alma 11:38–39; Eter 3:14.
3*a* D at T 93:4.
*b* Lu. 1:31–33; Mos. 3:8–9; Alma 7:10; 3 Ne. 1:14.
4*a* Deut. 6:4; Juan 17:20–23. GBK Diyos, Panguluhang Diyos.
*b* Alma 11:39.
*c* Mos. 3:8; Hel. 14:12; 3 Ne. 9:15; Eter 4:7.
5*a* Lu. 4:2; Heb. 4:14–15.
*b* Juan 19:1.
*c* Mar. 8:31; Lu. 17:25.
6*a* Is. 53:7.
*b* Lu. 23:9; Juan 19:9; Mos. 14:7.
7*a* GBK Pagpapako sa Krus.
*b* Lu. 22:42; Juan 6:38; 3 Ne. 11:11.
8*a* Mos. 16:7; Alma 22:14.
*b* Os. 13:14; 1 Cor. 15:55–57.
*c* 2 Ne. 2:9.
9*a* Is. 53; Mos. 14:5–12.
*b* GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala.
10*a* Is. 53:10; Mos. 5:7; 27:25; Moro. 7:19.

11 Masdan, sinasabi ko sa inyo,
na kung sino man ang maki-
kinig ng mga salita ng mga [a]pro-
peta, oo, lahat ng banal na pro-
peta na nagpropesiya hinggil
sa pagparito ng Panginoon—
sinasabi ko sa inyo, na lahat ng
yaong makikinig sa kanilang
mga salita, at maniniwalang
tutubusin ng Panginoon ang
kanyang mga tao, at umaasa sa
araw na yaon para sa kapata-
waran ng kanilang mga kasala-
nan, sinasabi ko sa inyo, na sila
ang kanyang binhi, o sila ang
mga tagapagmana ng [b]kahari-
an ng Diyos.
12 Sapagkat sila yaong ang
mga kasalanan ay [a]kanyang pi-
nasan; sa kanila niya inialay ang
kanyang buhay upang matubos
sila mula sa kanilang mga ka-
salanan. At ngayon, hindi ba't
sila ang kanyang binhi?
13 Oo, at hindi ba't ang mga
propeta, bawat isa na nagbuka
ng kanyang bibig upang mag-
propesiya, na hindi nangahu-
log sa paglabag, ang ibig kong
sabihin ay lahat ng banal na
propeta magmula sa simula ng
daigdig? Sinasabi ko sa inyo na
sila ay kanyang binhi.
14 At sila ang mga yaong [a]nag-
pahayag ng kapayapaan, na
nagdala ng mabuting balita ng
kabutihan, na nagpahayag ng
kaligtasan; at nagsabi sa Sion:
Ang inyong Diyos ay nagha-
hari!
15 At O kayganda ng kanilang
mga paa sa mga bundok!
16 At muli, kayganda sa mga
bundok ang mga paa nila na
mga naghahayag pa rin ng ka-
payapaan!
17 At muli, kayganda sa mga
bundok ang mga paa nila na
mga maghahayag mula ngayon
ng kapayapaan, oo, magmula sa
panahong ito at magpakailan-
man!
18 At masdan, sinasabi ko sa
inyo, hindi lamang ito. Sapag-
kat O kayganda sa mga bun-
dok ang mga [a]paa niya na nag-
dadala ng mabuting balita, na
tagapagtatag ng [b]kapayapaan,
oo, maging ang Panginoon, na
tumubos sa kanyang mga tao;
oo, siya na nagkaloob ng kalig-
tasan sa kanyang mga tao;
19 Sapagkat kung hindi dahil
sa pagtubos na ginawa niya
para sa kanyang mga tao, na
inihanda mula pa sa [a]pagkaka-
tatag ng daigdig, sinasabi ko sa
inyo, kung hindi dahil dito,
ang buong sangkatauhan ay
[b]nangasawi na sana.
20 Subalit masdan, ang mga
gapos ng kamatayan ay ma-
kakalag, at ang Anak ay mag-
hahari, at magkakaroon ng ka-
pangyarihan sa kamatayan; anu-
pa't kanyang papapangyarihin
ang pagkabuhay na mag-uli ng
mga patay.
21 At magkakaroon ng pagka-
buhay na mag-uli, maging ng

11*a* D at T 84:36–38.
*b* GBK Kaharian ng Diyos o Kaharian ng Langit; Kaligtasan.
12*a* Mos. 14:12; Alma 7:13; 11:40–41.
14*a* Is. 52:7; Rom. 10:15; 1 Ne. 13:37; Mos. 12:21–24. GBK Gawaing Pangmisyonero.
18*a* 3 Ne. 20:40; D at T 128:19.
*b* Juan 16:33. GBK Kapayapaan.
19*a* Mos. 4:6.
*b* 2 Ne. 9:6–13.

[a]unang pagkabuhay na mag-
uli; oo, maging ng pagkabuhay
na mag-uli nila noon, at nila
ngayon, at nila na darating,
maging hanggang sa pagkabu-
hay na mag-uli ni Cristo—sa-
pagkat gayon siya tatawagin.
22 At ngayon, ang pagkabuhay
na mag-uli ng lahat ng propeta,
at lahat ng yaong naniwala sa
kanilang mga salita, o lahat ng
yaong sumunod sa mga kautu-
san ng Diyos, ay magbabangon
sa unang pagkabuhay na mag-
uli; anupa't sila ang unang ma-
ngabubuhay na mag-uli.
23 Sila ay ibabangon upang
[a]manahanang kasama ng Diyos
na siyang tumubos sa kanila;
sa gayon sila ay may buhay na
walang hanggan sa pama-
magitan ni Cristo, na siyang
[b]kumalag sa mga gapos ng ka-
matayan.
24 At sila ang mga yaong may
bahagi sa unang pagkabuhay
na mag-uli; at sila ang mga ya-
ong namatay bago pumarito si
Cristo, sa kanilang kawalang-
malay, hindi naipahayag ang
[a]kaligtasan sa kanila. At sa ga-
nito papapangyarihin ng Pa-
nginoon ang pagpapanumba-
lik nila; at may bahagi sila sa
unang pagkabuhay na mag-uli,
o may buhay na walang hang-
gan, matapos tubusin ng Pa-
nginoon.
25 At ang maliliit na [a]bata
ay may buhay na walang hang-
gan din.
26 Subalit masdan, at [a]mata-
kot, at manginig sa harapan ng
Diyos, sapagkat dapat kayong
manginig; sapagkat walang ti-
nubos ang Panginoon na [b]nag-
hihimagsik laban sa kanya at
[c]namatay sa kanilang mga kasa-
lanan; oo, maging lahat ng ya-
ong nangamatay sa kanilang
mga kasalanan mula pa sa simu-
la ng mundo, na sadyang nag-
himagsik laban sa Diyos, na
nakaaalam sa mga kautusan
ng Diyos at ayaw sundin ang
mga ito; [d]sila ang mga yaong
[e]walang bahagi sa unang pag-
kabuhay na mag-uli.
27 Kaya nga, hindi ba't kayo ay
dapat na manginig? Sapagkat
hindi mapapasa mga gayon
ang kaligtasan; sapagkat walang
gayong tutubusin ang Pangino-
on; oo, ni hindi kayang tubusin
ng Panginoon ang gayon; sa-
pagkat hindi niya pasisinungali-
ngan ang kanyang sarili; sapag-
kat hindi niya matatanggihan
ang [a]katarungan kapag mayro-
on itong karapatan.
28 At ngayon sinasabi ko sa
inyo na darating ang panahon
na ang kaligtasan ng Pangino-
on ay [a]ipahahayag sa bawat
bansa, lahi, wika, at tao.
29 Oo, Panginoon, ang inyong

21*a* Alma 40:16–21.
23*a* Awit 24:3–4; 1 Ne. 15:33–36; D at T 76:50–70.
*b* GBK Kamatayan, Pisikal na.
24*a* 2 Ne. 9:25–26; D at T 137:7.
25*a* D at T 29:46; 137:10. GBK Kaligtasan—Kaligtasan ng mga bata.
26*a* Deut. 5:29; Jac. 6:9.
*b* 1 Ne. 2:21–24.
*c* Ez. 18:26; 1 Ne. 15:32–33; Moro. 10:26.
*d* Alma 40:19.
*e* D at T 76:81–86.
27*a* Alma 34:15–16; 42:1.
28*a* GBK Gawaing Pangmisyonero.

mga [a]tagabantay ay magtataas
ng kanilang mga tinig; sa pamamagitan ng magkakasamang
tinig sila ay aawit, sapagkat kanilang makikita nang mata sa
mata kung kailan ibabalik na
muli ng Panginoon ang Sion.
30 Magpakagalak, magsiawit
nang magkakasama, kayong mga nawasak na dako ng Jerusalem; sapagkat inaliw ng Panginoon ang kanyang mga tao,
tinubos niya ang Jerusalem.
31 Ipinakita ng Panginoon ang
kanyang banal na bisig sa paningin ng lahat ng bansa; at
lahat ng dulo ng mundo ay makikita ang kaligtasan ng ating
Diyos.

## KABANATA 16

*Tinutubos ng Diyos ang mga tao mula sa kanilang ligaw at nahulog na kalagayan—Yaong makamundo ay mananatili na parang walang pagtubos—Pinapangyayari ni Cristo ang pagkabuhay na maguli tungo sa walang katapusang buhay o sa walang katapusang kapahamakan. Mga 148 B.C.*

AT ngayon, ito ay nangyari na,
na matapos sabihin ni Abinadi ang mga salitang ito ay iniunat niya ang kanyang mga kamay at sinabi: Darating ang panahon na makikita ng lahat ang [a]kaligtasan ng Panginoon; na ang bawat bansa, lahi, wika, at tao ay makikita nang mata sa mata at [b]kikilalanin sa harapan ng Diyos na ang kanyang mga paghahatol ay makatarungan.
2 At sa panahong yaon ang
masasama ay [a]itatakwil, at magkakaroon sila ng dahilan upang humagulgol, at [b]tumangis, at managhoy, at pagngalitin ang kanilang mga ngipin; at ito ay dahil sa ayaw nilang pakinggan ang tinig ng Panginoon; anupa't hindi sila tutubusin ng Panginoon.
3 Sapagkat sila ay [a]makamun-
do at mala-diyablo, at may kapangyarihan ang [b]diyablo sa kanila; oo, maging ang yaong matandang ahas na [c]luminlang sa ating mga unang magulang, na naging dahilan ng kanilang [d]pagkahulog; na naging dahilan upang ang buong sangkatauhan ay maging makamundo, makalaman, mala-diyablo, [e]nalalaman ang masama mula sa mabuti, ipinasasakop ang kanilang sarili sa diyablo.
4 Sa gayon [a]naligaw ang bu-
ong sangkatauhan; at masdan, dapat na sana silang nangaligaw nang walang katapusan kung hindi lamang tinubos ng Diyos ang kanyang mga tao mula sa kanilang ligaw at nahulog na kalagayan.
5 Subalit tandaan, siya na nag-
pupumilit sa kanyang sariling

29*a* GBK Magbantay, Mga Tagabantay.
**16** 1*a* GBK Kaligtasan.
*b* Mos. 27:31.
2*a* D at T 63:53–54.
*b* Mat. 13:41–42; Lu. 13:28; Alma 40:13.
3*a* Gal. 5:16–25; Mos. 3:19. GBK Likas na Tao.
*b* 2 Ne. 9:8–9. GBK Diyablo.
*c* Gen. 3:1–13; Moi. 4:5–19.
*d* GBK Pagkahulog nina Adan at Eva.
*e* 2 Ne. 2:17–18, 22–26.
4*a* Alma 42:6–14.

likas na [a]kamunduhan, at nagpapatuloy sa mga landas ng kasalanan at paghihimagsik laban sa Diyos, ay nananatili sa kanyang pagkahulog na kalagayan at ang diyablo ay may lubos na kapangyarihan sa kanya. Kaya nga, para bang walang ginawang [b]pagtubos sa kanya, na naging kaaway ng Diyos; at gayon din ang diyablo ay kaaway ng Diyos.
6 At ngayon, kung si Cristo ay hindi pumarito sa daigdig, tumutukoy sa mga bagay na darating [a]na para bang dumating na ang mga ito, ay hindi sana magkakaroon ng pagtubos.
7 At kung si Cristo ay hindi bumangon mula sa patay, o nagkalag ng mga gapos ng kamatayan upang hindi magtagumpay ang libingan, at hindi magkaroon ng [a]tibo ang kamatayan, ay hindi sana magkakaroon ng pagkabuhay na mag-uli.
8 Subalit may [a]pagkabuhay na mag-uli, samakatwid, hindi nagtagumpay ang libingan, at ang tibo ng [b]kamatayan ay nalulon kay Cristo.
9 Siya ang [a]ilaw at ang buhay ng daigdig; oo, isang ilaw na walang hanggan, na hindi maaaring magdilim; oo, at isang buhay rin na walang hanggan, na hindi na maaaring magkaroon pa ng kamatayan.
10 Maging ang may kamatayang ito ay mabibihisan ng [a]kawalang-kamatayan, at ang may kabulukang ito ay mabibihisan ng walang kabulukan, at dadalhin upang [b]tumayo sa harapan ng hukuman ng Diyos, upang [c]hatulan niya alinsunod sa kanilang mga gawa maging mabuti man yaon o maging yaon man ay masama—
11 Kung sila ay mabubuti, sa pagkabuhay na mag-uli ng [a]buhay na walang hanggan at kaligayahan; at kung sila ay masasama, sa pagkabuhay na mag-uli ng [b]walang hanggang kapahamakan, na ibibigay sa diyablo, na siyang sumakop sa kanila, na kung alin ay kapahamakan—
12 Na humayo alinsunod sa kanilang sariling mga makamundong kagustuhan at hangarin; na hindi kailanman nanawagan sa Panginoon habang nakaunat ang mga bisig ng awa sa kanila; sapagkat ang mga bisig ng [a]awa ay nakaunat sa kanila, at ayaw nila; sila na binalaan tungkol sa kanilang kasamaan at gayon man ay ayaw nilang tumalikod mula sa mga yaon; at inutusan silang magsisi at gayon man, ayaw nilang magsisi.

5*a* Alma 41:11. GBK Makamundo.
*b* GBK Tubos, Tinubos, Pagtubos.
6*a* Mos. 3:13.
7*a* Os. 13:14; Mos. 15:8, 20.
8*a* Alma 42:15. GBK Pagkabuhay na Mag-uli.
*b* Is. 25:8; 1 Cor. 15:54–55; Morm. 7:5.
9*a* D at T 88:5–13. GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo.
10*a* Alma 40:2. GBK Kawalang-kamatayan, Walang Kamatayan.
*b* GBK Paghuhukom, Ang Huling.
*c* Alma 41:3–6.
11*a* GBK Buhay na Walang Hanggan.
*b* GBK Kapahamakan.
12*a* GBK Awa, Maawain.

13 At ngayon, hindi ba't kayo
ay dapat na manginig at magsisi
ng inyong mga kasalanan, at
pakatandaan na tangi at sa pa-
mamagitan lamang ni Cristo
kayo ay maaaring maligtas?
14 Samakatwid, kung itinuturo
ninyo ang mga [a]batas ni Moises,
ituro rin na ito ay anino ng mga
yaong bagay na darating—
15 Ituro sa kanila na dara-
ting ang pagtubos sa pamama-
gitan ni Cristo, ang Panginoon,
na siya ring [a]Amang Walang
Hanggan. Amen.

## KABANATA 17

*Si Alma ay naniwala at isinulat ang mga salita ni Abinadi—Si Abinadi ay nagdanas ng kamatayan sa pamamagitan ng apoy—Kanyang iprinopesiya ang sakit at kamatayan sa pamamagitan ng apoy sa mga pumaslang sa kanya. Mga 148 B.C.*

AT ngayon ito ay nangyari na,
nang si Abinadi ay matapos sa
mga pananalitang ito, na ang
hari ay nag-utos na nararapat
siyang dakpin ng mga [a]saser-
dote at papangyarihing siya ay
patayin.
2 Ngunit may isa sa kanila na
ang pangalan ay [a]Alma, siya na
isa ring inapo ni Nephi. At siya
ay isang kabataang lalaki, at
[b]pinaniwalaan niya ang mga
salitang sinabi ni Abinadi, sa-
pagkat alam niya ang hinggil
sa kasamaan na pinatotohanan
ni Abinadi laban sa kanila;
kaya nga, siya ay nagsimulang
magmakaawa sa hari na hu-
wag siyang magalit kay Abina-
di, kundi pahintulutan siyang
lumisan nang mapayapa.
3 Ngunit ang hari ay lalong
napoot, at pinapangyari na si
Alma ay palayasin sa kanila, at
isinugo ang kanyang mga taga-
pagsilbi na sundan siya upang
siya ay kanilang patayin.
4 Ngunit siya ay tumakas
mula sa harapan nila at itinago
ang kanyang sarili kung kaya't
hindi nila siya natagpuan. At
siya na nagtatago ng maraming
araw ay [a]isinulat ang lahat ng
salitang sinabi ni Abinadi.
5 At ito ay nangyari na, na pi-
napangyari ng hari na si Abina-
di ay paligiran ng kanyang mga
tanod at dakpin siya; at siya ay
kanilang iginapos at itinapon
siya sa bilangguan.
6 At pagkatapos ng tatlong
araw, matapos na makipag-
sanggunian sa kanyang mga
saserdote, pinapangyari niya na
siya ay muling dalhin sa hara-
pan niya.
7 At sinabi sa kanya: Abinadi,
kami ay nakahanap ng maipa-
raratang laban sa iyo, at ikaw ay
karapat-dapat sa kamatayan.
8 Sapagkat iyong sinabi na ang
[a]Diyos na rin ang bababa sa
mga anak ng tao; at ngayon, sa

14*a* GBK Batas ni Moises, Mga.
15*a* Mos. 3:8; 5:7; Eter 3:14.
**17** 1*a* Mos. 11:1, 5–6.
2*a* Mos. 23:6, 9–10. GBK Nakatatandang Alma.
*b* Mos. 26:15.
4*a* GBK Banal na Kasulatan, Mga.
8*a* Mos. 13:25, 33–34.

dahilang ito ikaw ay mamamatay maliban kung babawiin mo ang lahat ng masamang salitang iyong sinabi hinggil sa akin at sa aking mga tao.
9 Ngayon, sinabi sa kanya ni Abinadi: Sinasabi ko sa inyo, hindi ko babawiin ang mga salitang aking sinabi sa inyo hinggil sa mga taong ito, sapagkat ang mga yaon ay totoo; at nang malaman ninyo ang kanilang katiyakan, hinayaan ko na ang aking sarili ay mahulog sa inyong mga kamay.
10 Oo, at magdurusa ako maging hanggang kamatayan, at hindi ko babawiin ang aking mga salita, at ang mga yaon ay tatayo bilang patotoo laban sa inyo. At kung papatayin ninyo ako, kayo ay magpapadanak ng dugo ng isang [a]walang malay, at ito ay tatayo rin bilang patotoo laban sa inyo sa huling araw.
11 At ngayon, si haring Noe ay pawawalan na sana siya, sapagkat siya ay natakot sa kanyang salita; sapagkat siya ay natakot na ang mga kahatulan ng Diyos ay sumapit sa kanya.
12 Ngunit ang mga saserdote ay nagtaas ng kanilang mga tinig laban sa kanya, at nagsimula siyang paratangan, sinasabing: Kanyang nilait ang hari. Anupa't ang hari ay nag-init sa galit laban sa kanya, at siya ay ibinigay sa kanila upang siya ay patayin.
13 At ito ay nangyari na, na siya ay kanilang kinuha at iginapos, at hinampas ang kanyang balat ng mga kahoy na panggatong, oo, maging hanggang sa kamatayan.
14 At ngayon, nang ang ningas ay nagsimula siyang pasuin, siya ay sumigaw sa kanila, sinasabing:
15 Masdan, maging katulad ng ginawa ninyo sa akin, gayon din ay mangyayari na ang inyong mga binhi ang magiging dahilan upang marami ang magdanas ng sakit na aking dinaranas, maging ang sakit ng [a]kamatayan sa pamamagitan ng apoy, at ito ay dahil sa sila ay naniniwala sa kaligtasan ng Panginoon nilang Diyos.
16 At ito ay mangyayari na kayo ay pahihirapan ng lahat ng uri ng sakit dahil sa inyong mga kasamaan.
17 Oo, at kayo ay [a]babagabagin sa bawat kamay, at itataboy at ikakalat doon at dito, katulad ng isang mailap na kawan na itinataboy ng mababangis at mababagsik na hayop.
18 At sa araw na yaon kayo ay paghahanapin, at kayo ay darakpin ng kamay ng inyong mga kaaway, at sa gayon kayo ay magdurusa, katulad ng aking pagdurusa, ang sakit ng [a]kamatayan sa pamamagitan ng apoy.
19 Sa gayon ang Diyos ay nagsasagawa ng [a]paghihiganti roon sa mga lumilipol sa kanyang mga tao. O Diyos, tanggapin ang aking kaluluwa.
20 At ngayon, nang sabihin ni

10*a* Alma 60:13.
15*a* Mos. 13:9–10; Alma 25:4–12.
17*a* Mos. 21:1–5, 13.
18*a* Mos. 19:18–20.
19*a* GBK Paghihiganti.

Abinadi ang mga salitang ito, siya ay bumagsak, na nagdanas ng kamatayan sa pamamagitan ng apoy; oo, pinatay nang dahil sa hindi niya itinanggi ang mga kautusan ng Diyos, matapos pagtibayin ang katotohanan ng kanyang mga salita sa pamamagitan ng kanyang kamatayan.

## KABANATA 18

*Si Alma ay lihim na nangaral—Kanyang itinakda ang tipan ng pagbibinyag at nagbinyag sa mga tubig ng Mormon—Kanyang itinatag ang Simbahan ni Cristo at nag-orden ng mga saserdote—Kanilang tinustusan ang sarili at tinuruan ang mga tao—Si Alma at ang kanyang mga tao ay tumakas mula kay Haring Noe patungo sa ilang. Mga 147–145* B.C.

At ngayon, ito ay nangyari na, na si Alma, na nakatakas mula sa mga tagapagsilbi ni haring Noe, ay [a]nagsisi ng kanyang mga kasalanan at kasamaan, at humayo nang palihim sa mga tao, at nagsimulang ituro ang mga salita ni Abinadi—
2 Oo, hinggil doon sa kung alin ay darating, at hinggil din sa pagkabuhay na mag-uli ng mga patay, at ang [a]pagtubos sa mga tao, na maisasakatuparan sa pamamagitan ng [b]kapangyarihan, at mga pagdurusa, at pagkamatay ni Cristo, at ang kanyang pagkabuhay na mag-uli at pag-akyat sa langit.
3 At kasindami ng nakikinig sa kanyang salita ay tinuruan niya. At kanya silang tinuruan nang palihim, upang ito ay hindi makarating sa kaalaman ng hari. At marami ang naniwala sa kanyang mga salita.
4 At ito ay nangyari na, na kasindami ng naniwala sa kanya ay nagsitungo sa isang [a]lugar na tinawag na Mormon, matapos tanggapin ang pangalang iyon mula sa hari, na nasa mga hangganan ng lupain na pinamumugaran, sa mga kapanahunan o sa mga panahon, ng mababangis na hayop.
5 Ngayon, sa Mormon ay may isang bukal ng dalisay na tubig, at dito nagtungo si Alma, doon sa malapit sa kasukalan ng maliliit na puno, kung saan niya itinatago ang sarili sa araw mula sa paghahanap ng hari.
6 At ito ay nangyari na, na kasindami ng naniwala sa kanya ay nagtungo roon upang makinig sa kanyang mga salita.
7 At ito ay nangyari na, na matapos ang maraming araw ay may di mumunting bilang ang nagtipong magkakasama sa lugar ng Mormon, upang makinig sa mga salita ni Alma. Oo, sama-samang nagtipong lahat ang naniniwala sa kanyang salita, upang makinig sa kanya. At sila ay [a]tinuruan niya, at ipinangaral sa kanila ang pagsisisi, at pagtubos, at pananampalataya sa Panginoon.
8 At ito ay nangyari na, na kan-

**18** 1*a* Mos. 23:9–10.
2*a* GBK Tubos, Tinubos, Pagtubos.
*b* GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala.
4*a* Alma 5:3.
7*a* Alma 5:11–13.

yang sinabi sa kanila: Masdan, narito ang mga tubig ng Mormon (sapagkat sa gayon ang mga yaon ay tinawag) at ngayon, yamang kayo ay [a]nagnanais na lumapit sa [b]kawan ng Diyos, at matawag na kanyang mga tao, at [c]nahahandang magpasan ng pasanin ng isa't isa, nang ang mga yaon ay gumaan.

9 Oo, at nahahandang makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati, oo, at aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw, at tumayo bilang mga [a]saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar kung saan kayo ay maaaring naroroon, maging hanggang kamatayan, nang kayo ay matubos ng Diyos, at mapabilang sa kanila sa [b]unang pagkabuhay na mag-uli, nang kayo ay magkaroon ng [c]buhay na walang hanggan—

10 Ngayon, sinasabi ko sa inyo, kung ito ang naisin ng inyong mga puso, ano ang mayroon kayo laban sa [a]pagpapabinyag sa pangalan ng Panginoon, bilang saksi sa harapan niya na kayo ay [b]nakikipagtipan sa kanya, na siya ay inyong paglilingkuran at susundin ang kanyang mga kautusan, nang kanyang ibuhos nang higit na masagana ang kanyang Espiritu sa inyo?

11 At ngayon, nang marinig ng mga tao ang mga salitang ito, ipinalakpak nila ang kanilang mga kamay sa kagalakan, at nagbulalas: Ito ang mga naisin ng aming mga puso.

12 At ngayon ito ay nangyari na, na kinuha ni Alma si Helam, siya na isa sa nauna, at nagtungo at tumayo sa tubig, at nagsumamo, sinasabing: O Panginoon, ibuhos ninyo ang inyong Espiritu sa inyong tagapaglingkod, nang kanyang magawa ang gawaing ito nang may kabanalan ng puso.

13 At nang sabihin niya ang mga salitang ito, ang [a]Espiritu ng Panginoon ay napasakanya, at kanyang sinabi: Helam, [b]binibinyagan kita, bilang may [c]karapatan mula sa Pinakamakapangyarihang Diyos, bilang patotoo na ikaw ay nakikipagtipang maglilingkod sa kanya hanggang sa ikaw ay mamatay sa katawang mortal; at nawa ang Espiritu ng Panginoon ay ibuhos sa iyo; at nawa ay igawad niya sa iyo ang buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ng [d]pagtubos ni Cristo, na kanyang inihanda mula pa sa [e]pagkakatatag ng daigdig.

14 At matapos sabihin ni Alma ang mga salitang ito, kapwa sina Alma at Helam ay [a]nalibing

8*a* D at T 20:37.
*b* GBK Simbahan ni Jesucristo.
*c* GBK Pagkahabag.
9*a* GBK Gawaing Pangmisyonero; Magpatotoo; Saksi.
*b* Mos. 15:21–26.
*c* GBK Buhay na Walang Hanggan.
10*a* 2 Ne. 31:17. GBK Pagbibinyag, Binyagan.
*b* GBK Tipan.
13*a* GBK Espiritu Santo.
*b* 3 Ne. 11:23–26; D at T 20:72–74.
*c* S ng P 1:5. GBK Pagkasaserdote.
*d* GBK Tubos, Tinubos, Pagtubos.
*e* Moi. 4:2; 5:9.
14*a* GBK Pagbibinyag, Binyagan—Pagbibinyag sa pamamagitan ng paglubog.

sa tubig; at sila ay tumayo at
umahon mula sa tubig na naga-
galak, sapagkat napuspos ng
Espiritu.
15 At muli, dinala ni Alma
ang isa pa, at nagtungo sa ika-
lawang pagkakataon sa tubig,
at bininyagan siya alinsunod
sa nauna, lamang ay hindi niya
inilubog na muli ang kanyang
sarili sa tubig.
16 At sa ganitong pamamara-
an kanyang bininyagan ang ba-
wat isa na nagtungo sa lugar
ng Mormon; at sila ay may bi-
lang na mga dalawang daan at
apat na katao; oo, at sila ay [a]bi-
ninyagan sa mga tubig ng Mor-
mon, at napuspos ng [b]biyaya
ng Diyos.
17 At sila ay tinawag na sim-
bahan ng Diyos, o ang [a]simba-
han ni Cristo, mula sa pana-
hong yaon. At ito ay nangyari
na, na sinuman ang nabinya-
gan sa pamamagitan ng ka-
pangyarihan at karapatan ng
Diyos ay idinagdag sa kanyang
simbahan.
18 At ito ay nangyari na, na si
Alma, sapagkat may [a]karapa-
tan mula sa Diyos, ay nag-or-
den ng mga saserdote; maging
isang saserdote sa bawat li-
mampu ng kanilang bilang ay
kanyang inordenan na [b]manga-
ral sa kanila, at na turuan sila
ng hinggil sa mga bagay na na-
uukol sa kaharian ng Diyos.
19 At sila ay inutusan nila na
sila ay walang dapat ituro
maliban sa mga bagay na kan-
yang itinuro, at kung alin ay si-
nabi ng bibig ng mga banal na
propeta.
20 Oo, maging siya ay nag-
utos sa kanila na wala silang
dapat [a]ipangaral maliban sa
pagsisisi at pananampalataya
sa Panginoon, na siyang tumu-
bos sa kanyang mga tao.
21 At sila ay inutusan niya na
hindi nararapat na magkaroon
ng [a]pakikipag-alitan sa isa't isa,
sa halip sila ay tumingin sa [b]ii-
sang layunin, na may iisang pa-
nanampalataya at iisang binyag,
na ang kanilang mga puso ay
magkakasama sa [c]pagkakaisa
at sa pag-ibig sa isa't isa.
22 At sa gayon niya sila inutu-
sang mangaral. At sa gayon sila
naging mga [a]anak ng Diyos.
23 At sila ay inutusan niya
na nararapat nilang sundin ang
araw ng [a]sabbath, at ito ay pa-
natilihing banal, at gayundin,
bawat araw sila ay nararapat
magbigay-pasalamat sa Pa-
nginoon nilang Diyos.
24 At sila ay kanya ring inutu-
san na ang mga saserdote na
kanyang inordenan ay narara-
pat na [a]gumawa sa pamamagi-
tan ng sarili nilang mga kamay
para sa kanilang panustos.
25 At may isang araw na iti-
nakda sa bawat linggo na nara-

16*a* Mos. 25:18.
*b* GBK Biyaya.
17*a* 3 Ne. 26:21; 27:3–8.
GBK Simbahan ni Jesucristo.
18*a* GBK Pagkasaserdote.
*b* GBK Turuan, Guro.
20*a* D at T 15:6; 18:14–16.
21*a* 3 Ne. 11:28–30.
GBK Kaguluhan.
*b* Mat. 6:22;
D at T 88:67–68.
*c* GBK Pagkakaisa.
22*a* Mos. 5:5–7;
Moi. 6:64–68.
23*a* Mos. 13:16–19;
D at T 59:9–12.
24*a* Gawa 20:33–35;
Mos. 27:3–5;
Alma 1:26.

rapat silang magtipun-tipong magkakasama upang turuan ang mga tao, at upang [a]sambahin ang Panginoon nilang Diyos, at gayundin, maging kasindalas ng kanilang kakayahan, ay tipunin ang kanilang sarili nang magkakasama.

26 At ang mga saserdote ay hindi dapat umasa sa mga tao para sa kanilang panustos; kundi sa kanilang gawain sila ay tatanggap ng [a]biyaya ng Diyos, upang sila ay lumakas sa Espiritu, na may [b]kaalaman tungkol sa Diyos, nang sila ay makapagturo nang may kapangyarihan at karapatan mula sa Diyos.

27 At muli, inutusan ni Alma na ang mga tao ng simbahan ay nararapat ibahagi ang kanilang kabuhayan, [a]bawat isa alinsunod sa kung gaano ang nasa kanya; kung siya ay higit na nakasasagana ay nararapat siyang mamahagi nang sagana; at siya na mayroon subalit kakaunti, kaunti lamang ang hinihingi; at siya na wala ay nararapat na bigyan.

28 At sa gayon dapat nilang ibahagi ang kanilang kabuhayan sa kanilang sariling kalooban at mabubuting layunin sa Diyos, at doon sa mga saserdote na nangangailangan, oo, at sa bawat hubad na taong nangangailangan.

29 At ito ang sinabi niya sa kanila, bilang inutusan ng Diyos; at sila ay [a]lumakad nang matwid sa harapan ng Diyos, [b]nagbabahagi sa isa't isa kapwa pang-temporal at pang-espirituwal alinsunod sa kanilang mga pangangailangan at kanilang mga kakulangan.

30 At ngayon ito ay nangyari na, na ang lahat ng ito ay naganap sa Mormon, oo, sa mga tubig ng Mormon, sa kagubatan na malapit sa mga tubig ng Mormon; oo, ang lugar ng Mormon, ang mga [a]tubig ng Mormon, ang kagubatan ng Mormon, anong ganda nito sa mga mata nila na nakarating sa kaalaman ng kanilang Manunubos, oo, at labis silang pinagpala, sapagkat sila ay aawit ng papuri sa kanya magpakailanman.

31 At ang mga bagay na ito ay naganap sa mga [a]hangganan ng lupain, upang ang mga yaon ay hindi makarating sa kaalaman ng hari.

32 Ngunit masdan ito ay nangyari na, na ang hari, sapagkat natuklasan ang isang kilusan sa mga tao, ay isinugo ang kanyang mga tagapagsilbi upang sila ay manmanan. Kaya nga, sa araw na sila ay nagtitipong magkakasama upang makinig ng salita ng Panginoon sila ay natuklasan ng hari.

33 At ngayon sinabi ng hari na pinupukaw ni Alma ang mga tao na maghimagsik laban sa kanya; samakatwid, ipinadala niya ang kanyang hukbo upang sila ay lipulin.

25*a* GBK Pagsamba.
26*a* GBK Biyaya.
*b* GBK Kaalaman.
27*a* Gawa 2:44–45; 4 Ne. 1:3.
29*a* GBK Lumakad, Lumakad na Kasama ng Diyos.
*b* GBK Kapakanan.
30*a* Mos. 26:15.
31*a* Mos. 18:4.

34 At ito ay nangyari na, na si Alma at ang mga tao ng Panginoon ay [a]binigyang-babala tungkol sa pagdating ng hukbo ng hari; kaya nga, kinuha nila ang kanilang mga tolda at ang kanilang mga mag-anak at lumisan patungo sa ilang.

35 At sila ay may bilang na mga apat na raan at limampung katao.

## KABANATA 19

*Hinangad patayin ni Gedeon si Haring Noe—Sinalakay ng mga Lamanita ang lupain—Si Haring Noe ay dumanas ng kamatayan sa pamamagitan ng apoy—Si Limhi ay namahala bilang isang haring nagbabayad ng buwis. Mga 145–121* B.C.

AT ito ay nangyari na, na ang hukbo ng hari ay bumalik, na walang saysay na naghanap sa mga tao ng Panginoon.

2 At ngayon masdan, ang hukbo ng hari ay maliit, dahil sa pagkakabawas, at nagsimulang magkaroon ng pagkakahati-hati sa mga taong nalalabi.

3 At ang kakaunting bahagi ay nagsimulang mangusap ng pagbabanta laban sa hari, at nagsimulang magkaroon ng malaking alitan sa kanila.

4 At ngayon, may isang lalaki sa kanila na ang pangalan ay Gedeon, at siya ay isang malakas na lalaki at kaaway ng hari, samakatwid, hinugot niya ang kanyang espada, at sumumpa sa kanyang kapootan na papatayin niya ang hari.

5 At ito ay nangyari na, na nakipaglaban siya sa hari; at nang nakita ng hari na malapit na siyang madaig nito, tumakas siya at tumakbo at nakarating sa [a]tore na malapit sa templo.

6 At tinugis siya ni Gedeon at paroroon na sa tore upang patayin ang hari, at iginala ng hari ang kanyang mga paningin sa paligid sa may dakong lupain ng Semlon, at masdan, nasa mga hangganan na ng lupain ang hukbo ng mga Lamanita.

7 At ngayon ang hari ay nagsumamo sa pagdadalamhati ng kanyang kaluluwa, sinasabing: Gedeon, kaawaan ako, sapagkat ang mga Lamanita ay sumasalakay sa atin, at kanila tayong lilipulin; oo, lilipulin nila ang aking mga tao.

8 At ngayon, ang hari ay hindi gaanong nagpapahalaga sa kanyang mga tao na tulad ng pagpapahalaga niya sa kanyang sariling buhay; gayon pa man, hindi kinitil ni Gedeon ang kanyang buhay.

9 At inutusan ng hari ang mga tao na magsitakas mula sa mga Lamanita, at siya na rin ang nanguna sa kanila, at tumakas sila patungo sa ilang, kasama ang kanilang kababaihan at ang kanilang mga anak.

10 At ito ay nangyari na, na tinugis sila ng mga Lamanita, at inabutan sila, at nagsimulang patayin sila.

34*a* Mos. 23:1.

**19** 5*a* Mos. 11:12.

11 Ngayon ito ay nangyari na,
na ang hari ay nag-utos sa kanila na ang lahat ng lalaki ay nararapat iwanan ang kanilang mga asawa at kanilang mga anak, at magsitakas sa harapan ng mga Lamanita.
12 Ngayon, marami ang tumangging iwanan sila, kundi minabuting manatili at masawing kasama nila. At iniwanan ng mga nalalabi ang kanilang mga asawa at kanilang mga anak at nagsitakas.
13 At ito ay nangyari na, na yaong mga nanatiling kasama ang kanilang mga asawa at kanilang mga anak ay inutusan ang kanilang magagandang anak na babae na humarap at magmakaawa sa mga Lamanita na huwag silang patayin.
14 At ito ay nangyari na, na ang mga Lamanita ay nahahabag sa kanila, sapagkat sila ay nahalina sa kagandahan ng kababaihan nila.
15 Kaya nga, ang mga buhay nila ay hindi kinitil ng mga Lamanita, at dinala silang mga bihag at ibinalik sila sa lupain ng Nephi, at pinahintulutan sila na maangkin nila ang lupain, sa ilalim ng kasunduan na kanilang ibibigay si haring Noe sa mga kamay ng mga Lamanita, at ibigay ang kanilang mga ari-arian maging kalahati ng lahat ng kanilang pag-aari, kalahati ng kanilang ginto, at kanilang pilak, at lahat ng kanilang mahahalagang bagay, at sa gayon nararapat na magbayad sila ng buwis sa hari ng mga Lamanita taun-taon.
16 At ngayon, may isang anak na lalaki ang hari na nakasama sa mga yaong nadalang bihag, na ang pangalan ay [a]Limhi.
17 At ngayon ninais ni Limhi na ang kanyang ama ay hindi mamatay; gayon pa man, hindi kaila kay Limhi ang mga kasamaan ng kanyang ama, siya rin na isang makatarungang lalaki.
18 At ito ay nangyari na, na si Gedeon ay lihim na nagpadala ng mga tauhan sa ilang, upang hanapin ang hari at yaong mga kasama niya. At ito ay nangyari na, na nakasalubong nila sa ilang ang mga tao, lahat maliban sa hari at sa kanyang mga saserdote.
19 At ngayon sila ay nangako sa kanilang mga puso na sila ay magbabalik sa lupain ng Nephi, at kung ang kanilang mga asawa at kanilang mga anak ay napatay, at gayon din yaong mga sumama sa kanila, na sila ay maghahangad na maghiganti, at masawi rin na tulad nila.
20 At inutusan sila ng hari na hindi sila dapat magbalik; at sila ay nagalit sa hari, at pinapangyari na siya ay magdusa, maging ng [a]kamatayan sa pamamagitan ng apoy.
21 At darakpin na rin sana nila ang mga saserdote at sila ay papatayin, at sila ay nagsitakas mula sa harapan nila.
22 At ito ay nangyari na, na sila ay nakahanda nang bumalik sa lupain ng Nephi, at nakasalu-

16*a* Mos. 7:9.
20*a* Mos. 17:13–19; Alma 25:11.

bong nila ang mga tauhan ni Gedeon. At ipinaalam sa kanila ng mga tauhan ni Gedeon ang lahat ng nangyari sa kanilang mga asawa at kanilang mga anak; at na ang mga Lamanita ay nagpahintulot sa kanila na maangkin nila ang lupain sa pamamagitan ng pagbabayad ng buwis sa mga Lamanita ng kalahati ng kanilang mga pag-aari.

23 At sinabi ng mga tao sa mga tauhan ni Gedeon na kanilang pinatay ang hari, at ang kanyang mga saserdote ay nagsitakas mula sa kanila papalayo sa ilang.

24 At ito ay nangyari na, na matapos nilang tapusin ang pagdiriwang, na nagbalik sila sa lupain ng Nephi, na nagsasaya, sapagkat ang kanilang mga asawa at kanilang mga anak ay hindi napatay; at sinabi nila kay Gedeon kung ano ang kanilang ginawa sa hari.

25 At ito ay nangyari na, na ang hari ng mga Lamanita ay [a]nanumpa sa kanila, na hindi sila papatayin ng kanyang mga tao.

26 At gayon din si Limhi, na siyang anak ng hari, na ginawaran ng kaharian [a]ng mga tao, ay nanumpa sa hari ng mga Lamanita na ang kanyang mga tao ay magbabayad ng buwis sa kanya, maging kalahati ng lahat ng kanilang pag-aari.

27 At ito ay nangyari na, na sinimulang patatagin ni Limhi ang kaharian at ipalaganap ang kapayapaan sa kanyang mga tao.

28 At ang hari ng mga Lamanita ay naglagay ng mga bantay sa palibot ng lupain, upang kanyang mapanatili ang mga tao ni Limhi sa lupain, upang hindi sila makalisan patungong ilang; at tinustusan niya ang kanyang mga bantay mula sa buwis na tinatanggap niya mula sa mga Nephita.

29 At ngayon si haring Limhi ay nagkaroon ng patuloy na kapayapaan sa kanyang kaharian sa loob ng dalawang taon, na hindi sila niligalig ng mga Lamanita, ni hinangad na lipulin sila.

## KABANATA 20

*Ang ilan sa mga anak na babae ng mga Lamanita ay dinukot ng mga saserdote ni Noe—Ang mga Lamanita ay nakipagdigma kay Limhi at sa kanyang mga tao—Ang mga hukbong Lamanita ay napaurong at nagpaawat. Mga 145–123 B.C.*

Ngayon may isang lugar sa Semlon kung saan ang mga anak na babae ng mga Lamanita ay tinitipon ang kanilang sarili na magkakasama upang umawit, at upang sumayaw, at upang pasayahin ang kanilang sarili.

2 At ito ay nangyari na, na isang araw ay may maliit na bilang nila ang nagtipong magkakasama upang umawit at sumayaw.

3 At ngayon, ang mga saserdote ni haring Noe, na nangahihi-

25*a* Mos. 21:3.
26*a* Mos. 7:9.

ya nang bumalik sa lunsod ng
Nephi, oo, at natatakot din na
baka sila patayin ng mga tao, sa-
makatwid, sila ay hindi nanga-
has bumalik sa kanilang mga
asawa at kanilang mga anak.
4 At sa pamamalagi sa ilang,
at sa pagkakatuklas sa mga anak
ng mga Lamanita, sila ay nag-
sidapa at pinagmasdan sila.
5 At nang kakaunti lamang
sila na sama-samang nagtipon
upang magsayawan, sila ay lu-
mabas mula sa kanilang mga li-
him na taguan at dinukot sila at
dinala sila patungo sa ilang; oo,
dalawampu at apat sa mga anak
ng mga Lamanita ang kanilang
dinala sa ilang.
6 At ito ay nangyari na, nang
matuklasan ng mga Lamanita
na ang kanilang mga anak ay
nawawala, nagalit sila sa mga
tao ni Limhi, sapagkat inakala
nilang kagagawan ito ng mga
tao ni Limhi.
7 Kaya nga, ipinadala nila ang
kanilang mga hukbo; oo, ma-
ging ang hari na rin ang nangu-
na sa kanyang mga tao; at uma-
hon sila sa lupain ng Nephi
upang lipulin ang mga tao ni
Limhi.
8 At ngayon, natuklasan sila
ni Limhi mula sa tore, maging
lahat ng kanilang mga pagha-
handa sa pakikidigma ay kan-
yang natuklasan; samakatwid,
kinalap niya ang kanyang mga
tao, at naghintay sa kanila sa
kabukiran at sa kagubatan.
9 At ito ay nangyari na, nang
dumating ang mga Lamanita,
ang mga tao ni Limhi ay nag-
simulang sumalakay mula sa
kanilang mga lugar na pinaghi-
hintayan, at nagsimulang pata-
yin sila.
10 At ito ay nangyari na, na
ang labanan ay naging malub-
ha, sapagkat naglaban sila ng
tulad sa mga leon para sa kani-
lang biktima.
11 At ito ay nangyari na, na
nagsimulang maitaboy ng mga
tao ni Limhi ang mga Lamanita
mula sa harapan nila; gayon
man, wala sila sa kalahati ng
dami ng mga Lamanita. Subalit
[a]nakipaglaban sila para sa ka-
nilang mga buhay, at para sa
kanilang mga asawa, at para sa
kanilang mga anak; anupa't
nagsumikap sila at tulad ng mga
dragon sila ay nakipaglaban.
12 At ito ay nangyari na, na na-
tagpuan nila ang hari ng mga
Lamanita sa bilang ng kanilang
mga patay; gayon pa man, siya
ay hindi patay, nasugatan la-
mang at naiwan sa lupa, napa-
kabilis ng naging pagtakas ng
kanyang mga tao.
13 At kanilang kinuha siya at
binendahan ang kanyang mga
sugat, at dinala siya sa harapan
ni Limhi, at sinabi: Masdan, na-
rito ang hari ng mga Lamanita;
siya na nagtamo ng sugat ay
nabuwal sa kanilang mga pa-
tay, at kanilang iniwan siya; at
masdan, dinala namin siya sa
iyong harapan; at ngayon, atin
siyang patayin.
14 Subalit sinabi sa kanila ni
Limhi: Hindi ninyo siya papata-

**20** 11*a* Alma 43:45.

yin, kundi ilapit siya rito upang makaharap ko siya. At kanilang dinala siya. At sinabi sa kanya ni Limhi: Ano ang dahilan upang makidigma kayo laban sa mga tao ko? Masdan, ang mga tao ko ay hindi sumira sa [a]sumpang aking ginawa sa inyo; kaya nga, bakit ninyo kailangang sirain ang sumpang inyong ginawa sa aking mga tao?
15 At ngayon sinabi ng hari: Sinira ko ang sumpa sapagkat tinangay ng iyong mga tao ang mga anak na babae ng aking mga tao; kaya nga, sa aking galit ay pinapangyari ko na ang aking mga tao ay makidigma laban sa iyong mga tao.
16 At ngayon, si Limhi ay walang nalalaman hinggil sa bagay na ito; samakatwid, kanyang sinabi: Maghahanap ako sa aking mga tao, at sino man ang gumawa ng bagay na ito ay masasawi. Anupa't pinapangyari niyang magkaroon ng paghahanap sa kanyang mga tao.
17 Ngayon, nang marinig ni [a]Gedeon ang mga bagay na ito, siya na isang kapitan ng hari, nagsadya siya at sinabi sa hari: Isinasamo ko sa inyo na magpakahinahon, at huwag hanapan ang mga taong ito, at huwag iparatang ang mga bagay na ito sa kanila.
18 Sapagkat hindi ba ninyo naaalaala ang mga saserdote ng inyong ama, sila na pinaghangarang lipulin ng mga taong ito? At hindi ba't nasa ilang sila? At hindi kaya sila yaong mga dumukot sa mga anak ng mga Lamanita?
19 At ngayon, masdan, at sabihin sa hari ang mga bagay na ito, upang masabi niya sa kanyang mga tao nang mapapayapa sila sa atin; sapagkat masdan, naghahanda na sila na sumalakay sa atin; at masdan din, kakaunti na lamang tayo.
20 At masdan, darating silang kasama ang kanilang napakalaking hukbo; at maliban kung mapapayapa sila ng hari sa atin, tayo ay tiyak na masasawi.
21 Sapagkat hindi ba't [a]natupad na ang mga salita ni Abinadi, na kanyang iprinopesiya laban sa atin—at lahat ng ito ay dahil ayaw nating pakinggan ang mga salita ng Panginoon, at talikuran ang ating mga kasamaan?
22 At ngayon ating papayapain ang hari, at ating tutuparin ang sumpang ating ginawa sa kanya; sapagkat higit na mabuti na tayo ay nasa pagkaalipin kaysa sa mawalan tayo ng buhay; samakatwid, ating itigil ang pagdanak ng maraming dugo.
23 At ngayon sinabi ni Limhi sa hari ang lahat ng bagay hinggil sa kanyang ama, at sa mga [a]saserdoteng nagsitakas sa ilang, at ipinalagay ang pagkakatangay ng kanilang mga anak sa kanila.
24 At ito ay nangyari na, na napapayapa ang hari sa kanyang mga tao; at kanyang sinabi sa kanila: Tayo nang humayo

14*a* Mos. 19:25–26.
17*a* Mos. 19:4–8.
21*a* Mos. 12:1–8.
23*a* Mos. 19:21, 23.

upang salubungin ang aking
mga tao, nang walang sandata;
at ipinangangako ko sa inyo la-
kip ang isang sumpa na hindi
papatayin ng aking mga tao
ang inyong mga tao.
25 At ito ay nangyari na, na
sinunod nila ang hari, at huma-
yo upang salubungin ang mga
Lamanita nang walang sandata.
At ito ay nangyari na, na kani-
lang sinalubong ang mga Lama-
nita; at ang hari ng mga Lama-
nita ay yumukod sa kanilang
harapan; at nagmakaawa para
sa kapakanan ng mga tao ni
Limhi.
26 At nang makita ng mga
Lamanita ang mga tao ni Limhi,
na wala silang dalang mga san-
data, [a]nahahabag sila sa kanila at
napapayapa sila, at bumalik
nang mapayapa kasama ang
kanilang hari sa sarili nilang
lupain.

## KABANATA 21

*Ang mga tao ni Limhi ay pinahirapan at tinalo ng mga Lamanita—Nakasalubong ng mga tao ni Limhi si Ammon at nagbalik-loob—Sinabi nila kay Ammon ang tungkol sa dalawampu't apat na mga lamina ng mga Jaredita. Mga 122–121* B.C.

AT ito ay nangyari na, na si
Limhi at ang kanyang mga tao
ay bumalik sa lunsod ng Ne-
phi, at muling nagsimulang
mamuhay sa lupain nang ma-
payapa.
2 At ito ay nangyari na, na ma-
tapos ang maraming araw, ang
mga Lamanita ay nagsimulang
muling mapukaw sa galit laban
sa mga Nephita, at nagsimula
silang magtungo sa palibot ng
mga hangganan ng lupain.
3 Ngayon, hindi sila nagta-
tangkang patayin sila, dahil sa
sumpang ginawa ng kanilang
hari kay Limhi; subalit kanilang
sinasampal sila sa kanilang mga
[a]pisngi, at gumagamit ng ka-
pangyarihan sa kanila; at nagsi-
mulang magpataw ng mabibi-
gat na [b]pasanin sa kanilang mga
likod, at itinataboy silang tulad
ng isang maamong asno—
4 Oo, ang lahat ng ito ay naga-
nap upang maisakatuparan ang
salita ng Panginoon.
5 At ngayon, labis ang pagdu-
rusa ng mga Nephita, at walang
paraan upang mapalaya nila
ang sarili sa kanilang mga ka-
may, sapagkat napalilibutan
sila ng mga Lamanita sa lahat
ng panig.
6 At ito ay nangyari na, na ang
mga tao ay nagsimulang bu-
mulung-bulong sa hari dahil sa
kanilang mga paghihirap; at
nagsimula silang maghangad
na humayo laban sa kanila sa
pakikidigma. At labis nilang
binagabag ang hari ng kanilang
mga daing; kaya nga, pinahin-
tulutan niya silang gawin ang
alinsunod sa kanilang mga
naisin.
7 At muli nilang kinalap ang
kanilang sarili, at isinuot ang
kanilang baluti, at humayo la-
ban sa mga Lamanita upang

26*a* GBK Pagkahabag.
**21** 3*a* Mos. 12:2.
*b* Mos. 12:5.

itaboy silang palabas ng kanilang lupain.
8 At ito ay nangyari na, na tinalo sila ng mga Lamanita, at naitaboy silang pabalik, at napatay ang marami sa kanila.
9 At ngayon, nagkaroon ng labis na [a]pagdadalamhati at pananaghoy sa mga tao ni Limhi, ang balong babae ay nagdadalamhati dahil sa kanyang asawa, ang anak na lalaki at anak na babae ay nagdadalamhati dahil sa kanilang ama, at ang mga kapatid na lalaki dahil sa kanilang mga kapatid.
10 Ngayon, nagkaroon ng napakaraming balo sa lupain, at nagpalahaw sila nang labis sa araw-araw, sapagkat nagkaroon sila ng labis na pagkatakot sa mga Lamanita.
11 At ito ay nangyari na, na ang kanilang patuloy na pagpalahaw ay pumukaw sa mga nalalabing tao ni Limhi na magalit laban sa mga Lamanita; at muli silang nakidigma, subalit muli silang naitaboy pabalik, na nagdusa ng malaking kawalan.
12 Oo, muli silang nakidigma, maging sa ikatlong pagkakataon, at nagdusa sa gayon ding paraan; at yaong mga hindi napatay ay muling bumalik sa lunsod ng Nephi.
13 At nagpakumbaba sila ng kanilang sarili maging hanggang sa alabok, ipinaubaya ang kanilang sarili sa singkaw ng pagkaalipin, ipinaubaya ang kanilang sarili na hampasin, at maitaboy nang paroo't parito, at pahirapan, alinsunod sa naisin ng kanilang mga kaaway.
14 At [a]nagpakumbaba sila ng kanilang sarili maging sa kailaliman ng pagpapakumbaba; at mataimtim silang nagsumamo sa Diyos; oo, maging sa buong maghapon sila ay nagsumamo sa kanilang Diyos na kanya silang hanguin mula sa kanilang mga paghihirap.
15 At ngayon, ang Panginoon ay [a]mabagal sa pakikinig sa kanilang pagsusumamo dahil sa kanilang mga kasamaan; gayon pa man, dininig ng Panginoon ang kanilang pagsusumamo, at nagsimulang palambutin ang mga puso ng mga Lamanita kung kaya't nagsimula nilang pagaanin ang kanilang mga pasanin; gayon man hindi pa minarapat ng Panginoon na palayain sila mula sa pagkaalipin.
16 At ito ay nangyari na, na nagsimula silang unti-unting umunlad sa lupain, at nagsimula silang magtanim ng higit na maraming butil, at mga kawan ng tupa, at mga baka, kung kaya't hindi sila nagdusa ng gutom.
17 Ngayon may malaking bilang ang kababaihan, higit pa sa kalalakihan; kaya nga, nag-utos si haring Limhi na bawat lalaki ay nararapat [a]magbahagi para sa panustos ng mga [b]balo at kanilang mga anak, upang hindi

9*a* Mos. 12:4.
14*a* Mos. 29:20.
GBK Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba.
15*a* Kaw. 15:29; Mos. 11:23–25; D at T 101:7–9.
17*a* Mos. 4:16, 26.
*b* GBK Babaing Balo.

sila mamatay sa gutom; at kani-
la itong ginawa dahil sa kalaki-
han ng bilang ng mga napatay.
18 Ngayon, ang mga tao ni
Limhi ay nanatiling magkaka-
sama sa iisang pangkat hangga't
maaari, at pinangalagaan ang
kanilang mga butil at kanilang
mga kawan;
19 At ang hari rin ay hindi
nagtiwala sa kanyang sarili sa
labas ng mga muog ng lunsod,
maliban kung kasama niya ang
kanyang mga bantay, nanga-
ngamba na baka sa alinmang
kaparaanan ay mahulog siya sa
mga kamay ng mga Lamanita.
20 At pinapangyari niya na
ang kanyang mga tao ay mag-
bantay sa palibot ng lupain,
upang sa alinmang kaparaanan
ay madakip nila yaong mga sa-
serdoteng tumakas patungo sa
ilang, na siyang dumukot sa
mga [a]anak na babae ng mga
Lamanita, at naging dahilan
upang sumapit sa kanila ang
gayon kalaking pagkawasak.
21 Sapagkat sila ay nagnais
na madakip sila upang kanila
silang maparusahan; sapagkat
nagtutungo sila sa lupain ng
Nephi sa gabi, at tinatangay
ang kanilang mga butil at ma-
rami sa kanilang mahahalagang
bagay; anupa't sila ay nag-
abang sa kanila.
22 At ito ay nangyari na, na
wala nang kaguluhang namagi-
tan sa mga Lamanita at sa mga
tao ni Limhi, maging hanggang
sa panahong si [a]Ammon at ang
kanyang mga kapatid ay du-
mating sa lupain.
23 At ang hari na nasa labas
ng pintuang-bayan ng lunsod
kasama ang kanyang mga ban-
tay, ay natagpuan si Ammon at
ang kanyang mga kapatid; at
sa pag-aakalang sila ang mga
saserdote ni Noe, kaya nga,
kanyang pinapangyari na sila
ay dakpin, at igapos, at itapon
sa [a]bilangguan. At kung sila
nga ang mga saserdote ni Noe
ay kanya sanang ipinag-utos
na sila ay patayin.
24 Subalit nang malaman niya
na hindi sila yaon, kundi sila
ang kanyang mga kapatid, at
nagmula sa lupain ng Zara-
hemla, siya ay napuspos ng la-
bis na kagalakan.
25 Ngayon nagpadala si haring
Limhi, bago pa ang pagdating
ni Ammon, ng [a]maliit na bilang
ng kalalakihan upang [b]hanapin
ang lupain ng Zarahemla; su-
balit hindi nila ito matagpuan,
at nangaligaw sila sa ilang.
26 Gayon pa man, sila ay na-
katuklas ng isang lupain na na-
tirahan ng mga tao; oo, isang
lupaing nababalot ng mga tu-
yong [a]buto; oo, isang lupaing
natirahan ng mga tao at mga
nalipol; at sila, sa pag-aakalang
ito ang lupain ng Zarahemla,
ay nagbalik sa lupain ng Nephi,
na nakarating sa mga hangga-
nan ng lupain mga ilang araw
bago ang pagdating ni Ammon.
27 At sila ay may dalang isang
talaan, maging ang talaan ng

20*a* Mos. 20:5.
22*a* Mos. 7:6–13.
23*a* Hel. 5:21.
25*a* Mos. 8:7.
*b* Mos. 7:14.
26*a* Mos. 8:8.

mga tao na ang mga buto ay kanilang natagpuan; at ito ay nauukit sa mga lamina ng inang mina.

28 At ngayon, si Limhi ay muling napuspos ng kagalakan sa pagkakaalam mula sa bibig ni Ammon na si haring Mosias ay may isang [a]kaloob mula sa Diyos, upang kanyang maipaliwanag ang gayong mga nakaukit; oo, at si Ammon ay nagsaya rin.

29 Gayon man, si Ammon at ang kanyang mga kapatid ay napuspos ng kalungkutan sapagkat napakarami sa kanilang mga kapatid ang napatay;

30 At gayon din na si haring Noe at ang kanyang mga saserdote ay naging dahilan upang ang mga tao ay makagawa ng maraming kasalanan at kasamaan laban sa Diyos; at sila rin ay nagdalamhati dahil sa [a]pagkamatay ni Abinadi; at gayon din sa [b]paglisan ni Alma at ng mga taong sumama sa kanya, na nagtayo ng isang simbahan ng Diyos sa pamamagitan ng lakas at kapangyarihan ng Diyos, at pananampalataya sa mga salitang sinabi ni Abinadi.

31 Oo, nagdalamhati sila dahil sa kanilang paglisan, sapagkat hindi nila nalalaman kung saan sila nagtungo. Ngayon, sila sana ay magagalak na sumama sa kanila, sapagkat sila rin ay nakipagtipan sa Diyos na paglilingkuran siya at susundin ang kanyang mga kautusan.

32 At ngayon, simula ng pagdating ni Ammon, si haring Limhi ay nakipagtipan din sa Diyos, at gayon din ang marami sa kanyang mga tao, na paglilingkuran siya at susundin ang kanyang mga kautusan.

33 At ito ay nangyari na, na si haring Limhi at marami sa kanyang mga tao ay nagnais na mabinyagan; subalit walang sinuman sa lupain ang may [a]karapatan mula sa Diyos. At si Ammon ay tumangging gawin ang bagay na ito, ipinalalagay ang kanyang sarili na isang hindi karapat-dapat na tagapaglingkod.

34 Samakatwid, sa panahong yaon ay hindi pa nila binuo ang kanilang sarili sa isang simbahan, naghihintay sa Espiritu ng Panginoon. Ngayon, sila ay nagnais na maging katulad ni Alma at ng kanyang mga kapatid, na nagsitakas patungo sa ilang.

35 Sila ay nagnais na mabinyagan bilang saksi at bilang patotoo na sila ay nahahandang paglingkuran ang Diyos ng kanilang buong puso; gayon pa man, pinagpaliban nila ang panahon; at ang ulat ng kanilang binyag ay [a]ibibigay pagkaraan nito.

36 At ngayon, lahat ng pag-aaral ni Ammon at ng kanyang mga tao, at ni haring Limhi at ng kanyang mga tao, ay mapalaya ang kanilang sarili mula sa mga kamay ng mga Lamanita at mula sa pagkaalipin.

28*a* Omni 1:20–22; Mos. 28:11–16.
30*a* Mos. 17:12–20.
*b* Mos. 18:34–35.
33*a* gbk Karapatan.
35*a* Mos. 25:17–18.

## KABANATA 22

*Gumawa ng mga plano upang makatakas ang mga tao mula sa pang-aalipin ng mga Lamanita—Nilango ang mga Lamanita—Tumakas ang mga tao, bumalik sa Zarahemla, at naging mga sakop ni Haring Mosias. Mga 121–120 B.C.*

AT ngayon ito ay nangyari na, na sina Ammon at haring Limhi ay nagsimulang makipagsanggunian sa mga tao kung paano nila mapalalaya ang kanilang sarili mula sa pagkaalipin; at kanila ring pinapangyari na ang lahat ng tao ay sama-samang tipunin ang kanilang sarili; at ginawa nila ito upang makuha nila ang tinig ng mga tao hinggil sa paksa.
2 At ito ay nangyari na, na wala silang makitang paraan upang mapalaya ang kanilang sarili mula sa pagkaalipin, maliban sa dalhin ang kanilang kababaihan at mga anak, at ang kanilang mga kawan ng tupa, at kanilang mga bakahan, at kanilang mga tolda, at lumisan patungo sa ilang; sapagkat lubhang napakarami ng mga Lamanita, na hindi maaari para sa mga tao ni Limhi na makipaglaban sa kanila, iniisip na palayain ang kanilang sarili mula sa pagkaalipin sa pamamagitan ng espada.
3 Ngayon ito ay nangyari na, na si Gedeon ay humayo at tumindig sa harap ng hari, at sinabi sa kanya: Ngayon O hari, kayo ay nakinig sa aking mga salita nang maraming ulit noong tayo ay nakikipaglaban sa ating mga kapatid, ang mga Lamanita.
4 At ngayon O hari, kung hindi ninyo ipinalalagay na ako ay isang hindi kapaki-pakinabang na tagapagsilbi, o kung hanggang sa ngayon kayo ay nakikinig sa aking mga salita kahit paano, at ang mga ito ay naging kapaki-pakinabang sa inyo, gayon pa man, hinihiling kong makinig kayo sa aking mga salita ngayon, at ako ay inyong magiging tagapagsilbi at palalayain ang mga taong ito mula sa pagkaalipin.
5 At pinahintulutan siya ng hari na makapagsalita. At sinabi sa kanya ni Gedeon:
6 Masdan, ang daan sa likuran, sa likuran ng muog, sa gilid ng likuran ng lunsod. Ang mga Lamanita, o ang mga bantay na mga Lamanita, sa gabi ay mga lango; samakatwid, magpadala tayo ng isang pahayag sa lahat ng taong ito na sama-samang tipunin nila ang kanilang mga kawan ng tupa at mga baka, upang kanila silang maitaboy sa ilang sa gabi.
7 At hahayo ako alinsunod sa inyong utos at magbabayad ng huling buwis na alak sa mga Lamanita, at sila ay malalango; at magdaraan tayo sa lihim na daanan sa kaliwa ng kanilang kampo kapag nalango na sila at nahihimbing.
8 Sa gayon lilisan tayong kasama ang ating kababaihan at mga anak, ang ating mga kawan ng

tupa, at ating mga baka patungo
sa ilang; at maglalakbay tayo sa
palibot ng lupain ng Silom.
9 At ito ay nangyari na, na ang
hari ay nakinig sa mga salita ni
Gedeon.
10 At pinapangyari ni haring
Limhi na sama-samang tipunin
ng kanyang mga tao ang kani-
lang mga kawan; at ipinadala
niya ang buwis na alak sa mga
Lamanita; at nagpadala rin siya
ng karagdagang alak, bilang
isang handog sa kanila; at sila
ay malayang uminom ng alak
na ipinadala ni haring Limhi sa
kanila.
11 At ito ay nangyari na, na
ang mga tao ni haring Limhi ay
lumisan kinagabihan patungo
sa ilang kasama ang kanilang
mga kawan ng tupa at kanilang
mga baka, at humayo sila paikot
ng lupain ng Silom sa ilang, at
lumiko sila patungo sa lupain
ng Zarahemla, na pinamumu-
nuan ni Ammon at ng kanyang
mga kapatid.
12 At dinala nila ang lahat ng
kanilang ginto, at pilak, at ka-
nilang mahahalagang bagay,
na kanilang madadala, at ga-
yon din ang kanilang mga pa-
nustos, patungo sa ilang; at ipi-
nagpatuloy nila ang kanilang
paglalakbay.
13 At matapos ang maraming
araw sa ilang, dumating sila sa
lupain ng Zarahemla, at suma-
ma sa mga tao ni Mosias, at na-
ging mga sakop niya.
14 At ito ay nangyari na, na ti-
nanggap sila ni Mosias nang
may kagalakan; at kanya ring
tinanggap ang kanilang mga
[a]talaan, at gayon din ang mga
[b]talaang natagpuan ng mga tao
ni Limhi.
15 At ngayon ito ay nangyari
na, nang matuklasan ng mga
Lamanita na ang mga tao ni
Limhi ay lumisan ng lupain sa
gabi, na nagpadala sila ng huk-
bo sa ilang upang tugisin sila;
16 At matapos nilang tugisin
sila ng dalawang araw, hindi
na nila masundan ang kanilang
mga pinagdaanan; anupa't na-
ngaligaw sila sa ilang.

---

Isang ulat ni Alma at ng mga tao ng Panginoon, na itinaboy patungo sa ilang ng mga tao ni Haring Noe.

*Binubuo ng mga kabanata 23 at 24.*

## KABANATA 23

*Si Alma ay tumangging maging hari—Naglingkod siya bilang mataas na saserdote—Pinarusahan ng Panginoon ang kanyang mga tao, at nasakop ng mga Lamanita ang lupain ng Helam—Si Amulon, ang pinuno ng masasamang saserdote ni Haring Noe, ay namahala sa ilalim ng hari ng mga Lamanita. Mga 145–121 B.C.*

1 Ngayon si Alma, na binalaan ng
Panginoon na ang mga hukbo ni
haring Noe ay sasalakay sa ka-
nila, at ipinaalam ito sa kanyang
mga tao, samakatwid, sama-
samang tinipon nila ang kani-

**22** 14*a* Mos. 8:5. *b* Mos. 8:9.

lang mga kawan ng tupa, at dinala ang kanilang mga butil, at lumisan patungo sa ilang bago dumating ang mga hukbo ni haring Noe.
2 At pinalakas sila ng Panginoon, upang ang mga tao ni haring Noe ay hindi makaabot sa kanila upang lipulin sila.
3 At sila ay tumakas, walong araw na naglakbay patungo sa ilang.
4 At nakarating sila sa isang lupain, oo, maging sa isang napakaganda at nakasisiyang lupain, isang lupain ng dalisay na tubig.
5 At nagtayo sila ng kanilang mga tolda, at nagsimulang magbungkal ng lupa, at nagsimulang magtayo ng mga gusali; oo, sila ay masisipag, at labis na nagpagal.
6 At ang mga tao ay nagnais na si Alma ang kanilang maging hari, sapagkat siya ay minamahal ng kanyang mga tao.
7 Subalit sinabi niya sa kanila: Masdan, hindi kapaki-pakinabang na magkaroon tayo ng hari; sapagkat ganito ang wika ng Panginoon: [a]Hindi ninyo nararapat na pahalagahan ang isang tao nang higit pa sa iba, o ang isang tao ay hindi nararapat mag-isip na ang kanyang sarili ay higit pa kaysa sa iba; kaya nga sinasabi ko sa inyo, hindi kapaki-pakinabang na magkaroon kayo ng hari.
8 Gayon pa man, kung maaari na magkakaroon kayo sa tuwina ng mga makatarungang tao na maging hari ninyo, ay makabubuti nga para sa inyo na magkaroon ng hari.
9 Subalit alalahanin ang [a]kasamaan ni haring Noe at ng kanyang mga saserdote; at ako rin ay [b]nahulog sa bitag, at nakagawa ng maraming bagay na karumal-dumal sa paningin ng Panginoon, na naging dahilan ng aking masidhing pagsisisi;
10 Gayon pa man, matapos ang labis na [a]pagdurusa, dininig ng Panginoon ang aking mga pagsusumamo, at tinugon ang aking mga panalangin, at ginawa akong kasangkapan sa kanyang mga kamay sa pagdadala nang [b]marami sa inyo sa kaalaman ng kanyang katotohanan.
11 Gayon pa man, sa mga ito ako ay hindi nagmamapuri, sapagkat ako ay hindi karapat-dapat na magmapuri sa aking sarili.
12 At ngayon sinasabi ko sa inyo, pinahirapan kayo ni haring Noe, at napaalipin sa kanya at sa kanyang mga saserdote, at kanilang nadala sa kasamaan; anupa't kayo ay nagapos ng mga [a]gapos ng kasamaan.
13 At ngayon, dahil sa kayo ay nakalaya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos sa pagkakagapos na ito; oo, maging mula sa mga kamay ni haring Noe at ng kanyang mga tao, at mula rin sa pagkakagapos ng kasamaan, gayon pa man, ni-

**23** 7*a* Mos. 27:3–5.
9*a* Kaw. 16:12; Mos. 11:1–15.
*b* Mos. 17:1–4.
10*a* D at T 58:4.
*b* Mos. 18:35.
12*a* 2 Ne. 28:19–22.

nanais kong maging [a]matatag kayo sa [b]kalayaang ito kung saan kayo ginawang malaya, at na [c]wala kayong pagtitiwalaang tao na maging hari ninyo.

14 At gayon din, huwag pagkakatiwalaan ang sinuman na inyong maging [a]guro ni inyong maging mangangaral, maliban sa siya ay tao ng Diyos, lumalakad sa kanyang mga landas at sinusunod ang kanyang mga kautusan.

15 Sa gayon tinuruan ni Alma ang kanyang mga tao, na ang bawat tao ay nararapat [a]mahalin ang kanyang kapwa na tulad ng kanyang sarili, na hindi dapat magkaroon ng [b]alitan sa kanila.

16 At ngayon, si Alma ang kanilang [a]mataas na saserdote, siya na nagtatag ng kanilang simbahan.

17 At ito ay nangyari na, na walang nakatanggap ng [a]karapatang mangaral o magturo maliban sa ito ay sa pamamagitan niya na mula sa Diyos. Samakatwid, itinalaga niya ang lahat ng kanyang saserdote at lahat ng kanyang mga guro; at walang itinalaga maliban sa sila ay mga makatarungang tao.

18 Anupa't pinangalagaan nila ang kanilang mga tao, at [a]pinagyaman sila sa mga bagay na may kinalaman sa kabutihan.

19 At ito ay nangyari na, na nagsimula silang umunlad nang labis sa lupain; at kanilang tinawag na Helam ang lupain.

20 At ito ay nangyari na, na dumami sila at labis na umunlad sa lupain ng Helam; at nagtayo sila ng isang lunsod, na tinawag nilang lunsod ng Helam.

21 Gayon pa man, minarapat ng Panginoon na [a]pahirapan ang kanyang mga tao; oo, sinusubukan niya ang kanilang [b]tiyaga at kanilang pananampalataya.

22 Gayon pa man—sinuman ang magbibigay ng kanyang [a]tiwala sa kanya, siya rin ay [b]dadakilain sa huling araw. Oo, at gayon din sa mga taong ito.

23 Sapagkat masdan, ipakikita ko sa inyo na dinala sila sa pagkaalipin, at walang makapagpapalaya sa kanila kundi ang Panginoon nilang Diyos, oo, maging ang Diyos nina Abraham at Isaac, at ni Jacob.

24 At ito ay nangyari na, na kanyang pinalaya sila, at kanyang ipinakita ang dakila niyang kapangyarihan sa kanila, at labis ang kanilang mga kasiyahan.

25 Sapagkat masdan, ito ay nangyari na, na habang sila ay nasa lupain ng Helam, oo, sa lunsod ng Helam, habang nagbubungkal ng lupa sa palibot, masdan, isang hukbo ng mga

13*a* Gal. 5:1.
*b* GBK Malaya, Kalayaan.
*c* Mos. 29:13.
14*a* Mos. 18:18–22.
15*a* GBK Pagmamahal.
*b* 3 Ne. 11:28–29.
16*a* Mos. 26:7.
17*a* GBK Karapatan; Pagkasaserdote.
18*a* 1 Tim. 4:6.
21*a* Hel. 12:3; D at T 98:21. GBK Parusa, Pagpaparusa.
*b* GBK Tiyaga.
22*a* GBK Pagtitiwala.
*b* 1 Ne. 13:37.

Lamanita ang nasa mga hang-
ganan ng lupain.
26 Ngayon ito ay nangyari na,
na ang mga kapatid ni Alma ay
nagsipanakbuhan mula sa kani-
lang bukirin, at sama-samang ti-
nipon ang kanilang sarili sa
lunsod ng Helam; at labis si-
lang natakot dahil sa paglitaw
ng mga Lamanita.
27 Subalit humayo si Alma at
tumindig sa gitna nila, at pinag-
payuhan sila na hindi dapat
matakot, kundi kanilang alala-
hanin ang Panginoon nilang
Diyos at kanyang ililigtas sila.
28 Anupa't nabawasan ang
kanilang pagkatakot, at nagsi-
mulang magsumamo sa Pa-
nginoon na kanyang palambu-
tin ang mga puso ng mga
Lamanita, nang huwag silang
kitlan ng buhay ng mga ito, at
ang kanilang mga asawa, at
ang kanilang mga anak.
29 At ito ay nangyari na, na
pinalambot ng Panginoon ang
mga puso ng mga Lamanita. At
si Alma at ang kanyang mga ka-
patid ay humayo at isinuko ang
kanilang sarili sa kanilang mga
kamay; at inangkin ng mga
Lamanita ang lupain ng Helam.
30 Ngayon, ang mga hukbo
ng mga Lamanita, na sumunod
sa mga tao ni haring Limhi, ay
nangaligaw sa ilang sa loob ng
maraming araw.
31 At masdan, kanilang natag-
puan yaong mga saserdote ni
haring Noe, sa isang lugar na
kanilang tinatawag na Amulon;
at sinimulan nilang angkinin
ang lupain ng Amulon at nag-
simulang bungkalin ang lupa.
32 Ngayon, ang pangalan ng
pinuno ng yaong mga saserdote
ay Amulon.
33 At ito ay nangyari na, na si
Amulon ay nagmakaawa sa
mga Lamanita; at kanya ring
pinalapit ang kanilang mga
asawa, na mga [a]anak na babae
ng mga Lamanita, upang mag-
makaawa sa kanilang mga ka-
patid, na huwag nilang lipulin
ang kanilang mga asawa.
34 At ang mga Lamanita ay
[a]nahahabag kay Amulon at sa kan-
yang mga kapatid, at hindi sila
nilipol, dahil sa kanilang mga
asawa.
35 At umanib si Amulon at ang
kanyang mga kapatid sa mga
Lamanita, at naglalakbay sila
sa ilang sa paghahanap sa lu-
pain ng Nephi nang kanilang
matuklasan ang lupain ng He-
lam, na inangkin ni Alma at ng
kanyang mga kapatid.
36 At ito ay nangyari na, na
ang mga Lamanita ay nangako
kay Alma at sa kanyang mga
kapatid, na kung kanilang ipa-
kikita sa kanila ang daan patu-
ngo sa lupain ng Nephi ay
ipagkakaloob nila sa kanila
ang kanilang mga buhay at ang
kanilang kalayaan.
37 Subalit matapos ipakita sa
kanila ni Alma ang daan patu-
ngo sa lupain ng Nephi, ang
mga Lamanita ay tumangging
tumupad sa kanilang pangako;
sa halip sila ay naglagay ng
mga [a]bantay sa palibot ng lu-

33*a* Mos. 20:3–5.
34*a* GBK Pagkahabag.
37*a* Mos. 24:8–15.

pain ng Helam, doon kay Alma
at sa kanyang mga kapatid.
38 At ang natira sa kanila ay
nagtungo sa lupain ng Nephi;
at bumalik ang isang bahagi
nila sa lupain ng Helam, at ipi-
nagsama rin nila ang mga asa-
wa at anak ng mga bantay na
naiwanan sa lupain.
39 At ang hari ng mga Lama-
nita ay nagpahintulot kay Amu-
lon na siya ang maging hari at
tagapamahala ng kanyang mga
tao, na nasa lupain ng Helam;
gayon pa man wala siyang ka-
pangyarihang gawin ang anu-
mang bagay na sumasalungat
sa kagustuhan ng hari ng mga
Lamanita.

## KABANATA 24

*Inusig ni Amulon si Alma at ang kanyang mga tao—Sila ay papatayin kung sila ay mananalangin—Ginawang pagaanin ng Panginoon ang kanilang mga pasanin—Kanya silang pinalaya mula sa pagkaalipin, at nakabalik sila sa Zarahemla. Mga 145–120 B.C.*

At ito ay nangyari na, na nata-
mo ni Amulon ang pagsang-
ayon sa paningin ng hari ng
mga Lamanita; kaya nga, ang
hari ng mga Lamanita ay nag-
pahintulot sa kanya at sa kan-
yang mga kapatid na sila ang
hiranging mga guro roon sa
kanyang mga tao, oo, maging
sa mga tao na nasa lupain ng
Semlon, at sa lupain ng Silom,
at sa lupain ng Amulon.
2 Sapagkat inangkin ng mga
Lamanita ang lahat ng lupaing
ito; anupa't ang hari ng mga
Lamanita ay naghirang ng mga
hari sa lahat ng lupaing ito.
3 At ngayon, ang pangalan ng
hari ng mga Lamanita ay La-
man, na tinawag alinsunod sa
pangalan ng kanyang ama; at
samakatwid, siya ay tinawag
na haring Laman. At siya ay
hari ng napakaraming tao.
4 At siya ay naghirang ng mga
guro sa mga kapatid ni Amu-
lon sa bawat lupaing pag-aari
ng kanyang mga tao; at sa ga-
yon ang wika ni Nephi ay nag-
simulang ituro sa lahat ng tao
ng mga Lamanita.
5 At sila ay mga taong may ma-
gandang loob sa isa't isa; gayon
pa man hindi nila nakikilala ang
Diyos; ni ang mga kapatid ni
Amulon ay hindi itinuro sa
kanila ang alinmang bagay na
nauukol sa Panginoon nilang
Diyos, ni ang mga batas ni
Moises; ni hindi nila itinuro
sa kanila ang mga salita ni
Abinadi;
6 Datapwat kanilang tinuruan
sila na nararapat silang mag-
ingat ng kanilang talaan, at
upang makasulat sila sa isa't isa.
7 At sa gayon ang mga Lama-
nita ay nagsimulang maragda-
gan sa kayamanan, at nagsimu-
lang makipagkalakalan sa isa't
isa at naging maunlad, at nag-
simulang maging tuso at mata-
talinong tao, sa karunungan ng
sanlibutan, oo, isang napaka-
tusong tao, nagagalak sa lahat
ng uri ng kasamaan at panda-
rambong, maliban sa kanilang
sariling mga kapatid.

8 At ngayon ito ay nangyari na, na si Amulon ay nagsimulang gumamit ng [a]kapangyarihan kay Alma at sa kanyang mga kapatid, at nagsimulang usigin siya, at pinapangyaring usigin ng kanyang mga anak ang kanilang mga anak.

9 Sapagkat nakikilala ni Amulon si Alma, na siya ay [a]isa sa naging saserdote ng hari, at na siya ang yaong naniwala sa mga salita ni Abinadi at ipinagtabuyan mula sa harapan ng hari, at samakatwid, siya ay napoot sa kanya; sapagkat siya ay napasakop kay haring Laman, gayon pa man, siya ay gumagamit ng kapangyarihan sa kanila, at [b]pinagagawa sila, at naglagay ng mga tagapagbantay sa kanila.

10 At ito ay nangyari na, na napakasidhi ng kanilang mga paghihirap kung kaya't nagsimula silang magsumamo nang mataimtim sa Diyos.

11 At inutusan sila ni Amulon na dapat silang magsitigil sa kanilang mga pagsusumamo; at naglagay siya ng mga bantay sa kanila upang bantayan sila, na sinuman ang matatagpuang nananawagan sa Diyos ay papatayin.

12 At si Alma at ang kanyang mga tao ay hindi naglakas ng kanilang mga tinig sa Panginoon nilang Diyos, subalit [a]ibinuhos ang kanilang mga puso sa kanya; at kanyang nalalaman ang mga nasasaloob ng kanilang mga puso.

13 At ito ay nangyari na, na ang tinig ng Panginoon ay nangusap sa kanila sa kanilang mga paghihirap, sinasabing: Itaas ang inyong mga ulo at maaliw, sapagkat nalalaman ko ang tipang inyong ginawa sa akin; at makikipagtipan ako sa aking mga tao at palalayain sila mula sa pagkaalipin.

14 At pagagaanin ko rin ang mga pasaning ipinataw sa inyong mga balikat, na maging kayo ay hindi madarama ang mga ito sa inyong mga likod, maging habang kayo ay nasa pagkaalipin; at ito ay gagawin ko upang kayo ay tumayong mga [a]saksi para sa akin magmula ngayon, at upang inyong malaman nang may katiyakan na ako, ang Panginoong Diyos, ay dumadalaw sa aking mga tao sa kanilang mga [b]paghihirap.

15 At ito ay nangyari na, na ang mga pasaning ipinataw kay Alma at sa kanyang mga kapatid ay pinagaan; oo, [a]pinalakas sila ng Panginoon upang mabata nila ang kanilang mga [b]pasanin nang may kagaanan, at nagpasailalim nang may kagalakan at nang may [c]pagtitiis sa lahat ng kalooban ng Panginoon.

16 At ito ay nangyari na, na napakalakas ng kanilang pananampalataya at kanilang pagtitiis kung kaya't ang tinig ng Panginoon ay muling nangu-

**24** 8*a* D at T 121:39.
9*a* Mos. 17:1–4; 23:9.
*b* Mos. 21:3–6.
12*a* GBK Panalangin.
14*a* GBK Saksi.
*b* GBK Pagdurusa.
15*a* Mat. 11:28–30.
*b* Alma 31:38; 33:23.
*c* D at T 54:10.
GBK Tiyaga.

sap sa kanila, sinasabing: Maaliw kayo, sapagkat bukas ay palalayain ko kayo mula sa pagkaalipin.
17 At sinabi niya kay Alma: Mamumuno ka sa mga taong ito, at makakasama ninyo ako at palalayain ang mga taong ito mula sa [a]pagkaalipin.
18 Ngayon ito ay nangyari na, na si Alma at ang kanyang mga tao sa kinagabihan ay sama-samang tinipon ang kanilang mga kawan, at ang kanila ring mga butil; oo, maging sa buong gabing iyon ay sama-samang tinipon nila ang kanilang mga kawan.
19 At kinaumagahan ay itinulot ng Panginoon na dumating ang isang [a]mahimbing na pagkakatulog sa mga Lamanita, oo, at ang lahat ng kanilang mga tagapagbantay ay mahimbing na nakatulog.
20 At si Alma at ang kanyang mga tao ay lumisan patungo sa ilang; at nang sila ay nakapaglakbay na ng buong araw, sila ay nagtayo ng kanilang mga tolda sa lambak, at kanilang tinawag ang lambak na Alma, sapagkat siya ang nanguna sa kanilang daraanan sa ilang.
21 Oo, at ibinuhos nila ang kanilang [a]pasasalamat sa Diyos sa lambak ng Alma dahil sa naging maawain siya sa kanila, at pinagaan ang kanilang mga pasanin, at pinalaya sila mula sa pagkaalipin; sapagkat nasa pagkaalipin sila, at walang makapagpapalaya sa kanila maliban sa Panginoon nilang Diyos.
22 At nagbigay-pasalamat sila sa Diyos, oo, ang lahat ng kanilang kalalakihan at lahat ng kanilang kababaihan at lahat ng kanilang mga anak na nakapagsasalita ay itinaas ang kanilang mga tinig sa pagpupuri sa kanilang Diyos.
23 At ngayon sinabi ng Panginoon kay Alma: Magmadali ka at lumisan ka at ang mga taong ito sa lupaing ito, sapagkat ang mga Lamanita ay nangagising na at tinutugis kayo; samakatwid lisanin mo ang lupaing ito, at pipigilin ko ang mga Lamanita sa lambak na ito upang hindi na sila makahabol pa sa mga taong ito.
24 At ito ay nangyari na, na nilisan nila ang lambak, at sila ay naglakbay patungo sa ilang.
25 At matapos silang manatili sa ilang ng labindalawang araw ay nakarating sila sa lupain ng Zarahemla; at tinanggap din sila nang may kagalakan ni haring Mosias.

## KABANATA 25

*Ang mga tao ng Zarahemla (ang mga Mulekita), ay naging mga Nephita—Nalaman nila ang tungkol sa mga tao ni Alma at ni Zenif—Bininyagan ni Alma si Limhi at lahat ng kanyang tao—Binigyan ng karapatan ni Mosias si Alma na itatag ang Simbahan ng Diyos. Mga 120 B.C.*

17*a* GBK Pagkabihag.
19*a* 1 Sam. 26:12.
21*a* GBK Salamat, Nagpapasalamat, Pasasalamat.

AT ngayon pinapangyari ni ha-
ring Mosias na ang lahat ng tao
ay tipuning magkakasama.
2 Ngayon, hindi gaanong ma-
rami ang mga anak ni Nephi, o
hindi gaanong marami yaong
mga inapo ni Nephi, na tulad
ng mga [a]tao ni Zarahemla, na
mga inapo ni [b]Mulek, at yaong
mga sumama sa kanya sa ilang.
3 At hindi gaanong marami
ang mga tao ni Nephi at ang
mga tao ni Zarahemla tulad ng
mga Lamanita; oo, sila ay wala
sa kalahati ng kanilang dami.
4 At ngayon, ang lahat ng tao
ni Nephi ay nagtipong magka-
kasama, at gayon din ang lahat
ng tao ni Zarahemla, at sila ay
tinipong magkakasama sa da-
lawang pangkat.
5 At ito ay nangyari na, na
si Mosias ay nagbasa, at pina-
yagang basahin ang mga talaan
ni Zenif sa kanyang mga tao;
oo, kanyang binasa ang mga
talaan ng mga tao ni Zenif,
mula sa panahong nilisan nila
ang lupain ng Zarahemla hang-
gang sa sila ay makabalik na
muli.
6 At kanya ring binasa ang ulat
ni Alma at ng kanyang mga ka-
patid, at lahat ng kanilang mga
paghihirap, mula sa panahong
nilisan nila ang lupain ng Zara-
hemla hanggang sa panahong
sila ay makabalik na muli.
7 At ngayon, nang si Mosias
ay matapos sa pagbabasa ng
mga talaan, ang kanyang mga
tao na naninirahan sa lupain ay
nakadama ng pagkamangha at
panggigilalas.
8 Sapagkat hindi nila malaman
kung ano ang iisipin; sapagkat
nang kanilang namasdan ang
yaong mga nakalaya [a]mula sa
pagkaalipin sila ay napuspos
ng labis na kagalakan.
9 At muli, nang maalaala nila
ang kanilang mga kapatid na
napatay ng mga Lamanita sila
ay napuspos ng kalungkutan,
at tunay na umagos ang mara-
ming luha ng kalungkutan.
10 At muli, nang maisip nila
ang kagyat na kabutihan ng
Diyos, at kanyang kapangyari-
han sa pagpapalaya kay Alma at
sa kanyang mga kapatid mula
sa mga kamay ng mga Lamanita
at mula sa pagkaalipin, inilakas
nila ang kanilang mga tinig at
nagbigay-pasalamat sa Diyos.
11 At muli, nang maisip nila
ang mga Lamanita, na kanilang
mga kapatid, sa kanilang maka-
salanan at maruming kalaga-
yan, napuspos sila ng [a]sakit at
dalamhati para sa kapakanan
ng kanilang mga [b]kaluluwa.
12 At ito ay nangyari na, na
ang yaong mga anak ni Amulon
at ang kanyang mga kapatid, na
ginawang asawa ang mga anak
na babae ng mga Lamanita, ay
hindi nasiyahan sa pag-uugali
ng kanilang mga ama, at sila ay
tumangging tawagin pa sa pa-
ngalan ng kanilang mga ama,
samakatwid, tinaglay nila sa

**25** 2*a* Omni 1:13–19.
*b* Hel. 6:10.
GBK Mulek.
8*a* Mos. 22:11–13.
11*a* Mos. 28:3–4;
Alma 13:27.
*b* GBK Kaluluwa—
Kahalagahan ng mga
kaluluwa.

kanilang sarili ang pangalan ni Nephi, upang matawag silang mga anak ni Nephi at mapabilang sa yaong mga tinatawag na mga Nephita.
13 At ngayon, ang lahat ng tao ni Zarahemla ay [a]ibinilang sa mga Nephita, at ito ay dahil ang kaharian ay hindi iginawad kanino man, maliban sa yaong mga inapo ni Nephi.
14 At ngayon ito ay nangyari na, nang matapos si Mosias sa pagsasalita at pagbabasa sa mga tao, ninais niya na si Alma ay mangusap din sa mga tao.
15 At si Alma ay nangusap sa kanila, nang sila ay tinipong magkakasama sa malalaking pangkat, at siya ay nagtungo mula sa isang pangkat sa isa pang pangkat, nangangaral sa mga tao ng pagsisisi at pananampalataya sa Panginoon.
16 At pinagpayuhan niya ang mga tao ni Limhi at ang kanyang mga kapatid, lahat ng yaong nakalaya mula sa pagkaalipin, na nararapat nilang pakatandaan na ang Panginoon ang siyang nagpalaya sa kanila.
17 At ito ay nangyari na, na matapos turuan ni Alma ang mga tao ng maraming bagay, at matapos sa pagsasalita sa kanila, na si haring Limhi ay nagnais na mabinyagan siya; at ang lahat ng kanyang mga tao ay nagnais na sila ay mabinyagan din.
18 Kaya nga, si Alma ay lumusong sa tubig at [a]bininyagan sila; oo, kanyang bininyagan sila na kahalintulad ng ginawa niya sa kanyang mga kapatid sa mga [b]tubig ng Mormon; oo, at kasindami ng kanyang nabinyagan ay napabilang sa simbahan ng Diyos; at ito ay dahil sa kanilang paniniwala sa mga salita ni Alma.
19 At ito ay nangyari na, na si haring Mosias ay nagpahintulot kay Alma na magtatag siya ng mga simbahan sa lahat ng dako ng lupain ng Zarahemla; at binigyan siya ng [a]kapangyarihan na makapag-orden ng mga saserdote at guro sa bawat simbahan.
20 Ngayon, ang mga ito ay isinagawa sapagkat napakarami ng mga tao kaya't silang lahat ay hindi maaaring mapamahalaan ng iisang guro; ni silang lahat ay hindi maaaring makarinig ng salita ng Diyos sa iisang pagtitipon;
21 Samakatwid, tinipon nila ang kanilang sarili na magkakasama sa iba't ibang pangkat, tinatawag na mga simbahan; bawat simbahan ay may kani-kanyang mga saserdote at kani-kanyang mga guro, at bawat saserdote ay nangangaral ng salita alinsunod sa pagkakabigay sa kanya ng bibig ni Alma.
22 At sa gayon, sa kabila ng pagiging marami ng simbahan, ang lahat ng ito ay isang [a]simbahan lamang, oo, maging ang simbahan ng Diyos; sapagkat walang ipinangangaral sa lahat ng simbahan maliban sa pagsisisi at pananampalataya sa Diyos.

13*a* Omni 1:19.
18*a* Mos. 21:35.
*b* Mos. 18:8–17.
19*a* GBK Pagkasaserdote.
22*a* Mos. 18:17.

23 At ngayon, may pitong sim-
bahan sa lupain ng Zarahemla.
At ito ay nangyari na, na sino
man ang nagnanais na taglayin
sa kanilang sarili ang [a]pangalan
ni Cristo, o ng Diyos, sila ay su-
mapi sa mga simbahan ng
Diyos;
24 At sila ay tinawag na mga
[a]tao ng Diyos. At ibinuhos ng
Panginoon ang kanyang Espi-
ritu sa kanila, at pinagpala sila,
at umunlad sa lupain.

## KABANATA 26

*Marami sa mga kasapi ng Simbahan ang naakay sa pagkakasala ng mga hindi naniniwala—Si Alma ay pinangakuan ng buhay na walang hanggan—Yaong mga nagsisi at nabinyagan ay nagtamo ng kapatawaran—Ang mga kasapi ng Simbahan na nagkasala na mga nagsisi at nagtapat kay Alma at sa Panginoon ay patatawarin; kung hindi, sila ay hindi ibibilang sa mga tao ng simbahan. Mga 120–100* B.C.

NGAYON ito ay nangyari na, na
marami sa mga bagong salinlahi
ang hindi nakauunawa sa mga
salita ni haring Benjamin, na
maliliit na bata pa noong pana-
hong siya ay nangusap sa kan-
yang mga tao; at hindi sila nani-
wala sa kaugalian ng kanilang
mga ama.
2 Hindi sila naniwala sa mga
nasabi na hinggil sa pagkabu-
hay na mag-uli ng mga patay,
ni hindi sila naniwala hinggil
sa pagparito ni Cristo.
3 At ngayon, dahil sa kanilang
kawalang-paniniwala ay hindi
nila [a]maunawaan ang salita ng
Diyos; at ang kanilang mga
puso ay matitigas.
4 At sila ay tumangging mag-
pabinyag; ni ang sumapi sila sa
simbahan. At sila ay mga taong
nahihiwalay ayon sa kanilang
pananampalataya, at nanatili si-
lang gayon, maging sa kanilang
[a]makamundo at makasalanang
kalagayan; sapagkat ayaw ni-
lang manawagan sa Panginoon
nilang Diyos.
5 At ngayon, sa paghahari ni
Mosias ay wala sa kalahati ang
dami nila sa mga tao ng Diyos;
subalit dahil sa mga [a]pagtatalo
sa mga kapatid sila ay naging
higit na marami.
6 Sapagkat ito ay nangyari
na, na marami silang nalinlang
dahil sa kanilang mahihibong
salita, sa mga yaong nasa sim-
bahan, at naging dahilan upang
sila ay makagawa ng maraming
kasalanan; anupa't naging kina-
kailangan na yaong mga naka-
gawa ng kasalanan, na nasa sim-
bahan, ay nararapat [a]paalalaha-
nan ng simbahan.
7 At ito ay nangyari na, na sila
ay dinala sa harapan ng mga sa-
serdote, at ibinigay sa mga sa-
serdote ng mga guro; at dinala

23*a* GBK Jesucristo—Taglayin ang pangalan ni Jesucristo sa atin.
24*a* GBK Tipan.
**26** 3*a* GBK Pagkaunawa.
4*a* GBK Likas na Tao.
5*a* GBK Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan; Kaguluhan.
6*a* Alma 5:57–58; 6:3. GBK Babala, Binalaan.

sila ng mga saserdote kay Alma, na siyang [a]mataas na saserdote.
8 Ngayon ibinigay ni haring Mosias kay Alma ang karapatan sa simbahan.
9 At ito ay nangyari na, na hindi nalalaman ni Alma ang hinggil sa kanila; subalit maraming saksi laban sa kanila; oo, ang mga tao ay tumayo at nagpatotoo sa kanilang kasamaan na napakarami.
10 Ngayon, wala pang nangyayaring gayong bagay sa simbahan; kaya nga, si Alma ay naligalig sa kanyang espiritu, at kanyang pinapangyari na sila ay dalhin sa harapan ng hari.
11 At sinabi niya sa hari: Masdan, narito ang marami na aming dinala sa inyong harapan, na pinararatangan ng kanilang mga kapatid; oo, dinakip sila sa iba't ibang kasalanan. At sila ay hindi nagsisisi ng kanilang mga kasamaan; kaya nga dinala namin sila sa inyong harapan, upang inyo silang hatulan alinsunod sa kanilang mabibigat na kasalanan.
12 Subalit sinabi ni haring Mosias kay Alma: Masdan, hindi ko sila hahatulan; samakatwid [a]ipinauubaya ko sila sa iyong mga kamay upang hatulan.
13 At ngayon, ang espiritu ni Alma ay muling naligalig; at siya ay humayo at nagtanong sa Panginoon kung ano ang kanyang nararapat gawin hinggil sa bagay na ito, sapagkat siya ay natatakot na makagawa ng mali sa paningin ng Diyos.
14 At ito ay nangyari na, na matapos niyang ibuhos ang kanyang buong kaluluwa sa Diyos, ang tinig ng Panginoon ay nangusap sa kanya, sinasabing:
15 Pinagpala ka, Alma, at pinagpala sila na mga nabinyagan sa mga [a]tubig ng Mormon. Pinagpala ka dahil sa iyong labis na [b]pananampalataya sa mga salita lamang ng aking tagapaglingkod na si Abinadi.
16 At pinagpala sila dahil sa kanilang labis na pananampalataya sa mga salita lamang na iyong sinabi sa kanila.
17 At pinagpala ka dahil sa nagtatag ka ng [a]simbahan sa mga taong ito; at sila ay kikilalanin, at sila ay magiging mga tao ko.
18 Oo, pinagpala ang mga taong ito na nakahandang taglayin ang aking [a]pangalan; sapagkat sa aking pangalan sila ay tatawagin; at sila ay akin.
19 At sapagkat ikaw ay nagtanong sa akin hinggil sa nagkasala, ikaw ay pinagpala.
20 Ikaw ay aking tagapaglingkod; at ako ay nakikipagtipan sa iyo na ikaw ay magkakaroon ng [a]buhay na walang hanggan; at paglilingkuran mo ako at hahayo sa aking pangalan, at titi-

7*a* Mos. 29:42.
12*a* D at T 42:78–93.
15*a* Mos. 18:30.
*b* Mos. 17:2. GBK Pananampalataya.
17*a* Mos. 25:19–24.
18*a* Mos. 1:11; 5:8. GBK Jesucristo—Taglayin ang pangalan ni Jesucristo sa atin.
20*a* GBK Hinirang, Pagkakahirang; Buhay na Walang Hanggan.

puning magkakasama ang aking
mga tupa.
21 At siya na makikinig sa
aking tinig ay magiging aking
[a]tupa; at siya ay tatanggapin
mo sa loob ng simbahan, at siya
ay akin ding tatanggapin.
22 Sapagkat masdan, ito ay
aking simbahan; sinuman ang
[a]mabibinyagan ay mabibinya-
gan tungo sa pagsisisi. At sinu-
man ang iyong tatanggapin ay
maniniwala sa aking panga-
lan; at malaya ko siyang [b]pata-
tawarin.
23 Sapagkat ako ang [a]magda-
dala ng mga kasalanan ng san-
libutan; sapagkat ako ang si-
yang [b]lumikha sa kanila; at ako
ang magbibigay sa kanya na
naniniwala hanggang sa kata-
pusan, ng isang lugar sa aking
kanang kamay.
24 Sapagkat masdan, sa aking
pangalan sila ay tinatawag; at
kung [a]nakikilala nila ako, sila
ay magsisibangon, at magka-
karoon ng lugar magpakailan-
man sa aking kanang kamay.
25 At ito ay mangyayari na ka-
pag ang [a]ikalawang pakakak ay
tumunog, sa panahong iyon,
sila na hindi kailanman [b]nakaki-
kilala sa akin ay babangon at ti-
tindig sa aking harapan.
26 At pagkatapos kanilang
makikilala na ako ang Pa-
nginoon nilang Diyos, na ako
ang kanilang Manunubos; su-
balit sila ay hindi matutubos.
27 At pagkatapos aking sasa-
bihin sa kanila na kailanman ay
hindi ko sila [a]nakilala; at [b]mag-
sisilisan sila patungo sa [c]wa-
lang hanggang apoy na inihan-
da para sa diyablo at sa kan-
yang mga anghel.
28 Sa gayon sinasabi ko sa iyo,
siya na hindi [a]makikinig sa
aking tinig, ay siya ring hindi
mo tatanggapin sa aking sim-
bahan, sapagkat siya ay hindi
ko tatanggapin sa huling araw.
29 Sa gayon sinasabi ko sa iyo,
Humayo; at kung sinuman ang
lalabag sa akin, siya ay [a]haha-
tulan mo [b]alinsunod sa mga ka-
salanang kanyang nagawa; at
kung [c]magtatapat siya ng kan-
yang mga kasalanan sa iyo at
sa akin, at [d]magsisisi nang taos
sa kanyang puso, siya ay iyong
[e]patatawarin, at akin din si-
yang patatawarin.
30 Oo, at [a]kasindalas na [b]mag-
sisisi ang aking mga tao ay akin
silang patatawarin sa kanilang
mga pagkakasala laban sa akin.
31 At inyo ring [a]patatawarin
ang mga pagkakasala ng isa't

21*a* GBK Mabuting Pastol.
22*a* 2 Ne. 9:23.
GBK Pagbibinyag, Binyagan.
*b* GBK Magpatawad; Kapatawaran ng mga Kasalanan.
23*a* GBK Manunubos.
*b* GBK Likha, Paglikha.
24*a* Juan 17:3.
25*a* D at T 88:99, 109.
*b* D at T 76:81–86.
27*a* Mat. 7:21–23.
*b* Lu. 13:27.
*c* D at T 76:43–44.
28*a* 2 Ne. 9:31; D at T 1:14.
29*a* GBK Hatol, Paghatol.
*b* GBK Mananagot, Pananagutan, May Pananagutan.
*c* 3 Ne. 1:25.
GBK Pagtatapat, Magtapat.
*d* GBK Magsisi, Pagsisisi.
*e* GBK Magpatawad.
30*a* Moro. 6:8.
*b* Ez. 33:11, 15–16; Gawa 3:19–20; Mos. 29:19–20.
31*a* 3 Ne. 13:14–15; D at T 64:9–10.

isa; sapagkat katotohanang si-
nabi ko sa iyo, siya na hindi
magpapatawad sa mga pagka-
kasala ng kanyang kapwa ka-
pag sinasabing nagsisisi na
siya, siya rin ang magdadala sa
kanyang sarili sa ilalim ng ka-
hatulan.
32 Ngayon sinasabi ko sa iyo,
Humayo; at kung sinuman ang
hindi magsisisi ng kanyang mga
kasalanan, siya rin ay hindi ibi-
bilang sa aking mga tao; at ito ay
susundin mula sa panahong ito.
33 At ito ay nangyari na, nang
marinig ni Alma ang mga sali-
tang ito na kanyang isinulat
ang mga ito upang mapasakan-
ya ang mga ito, at upang kan-
yang mahatulan ang mga tao
ng simbahang yaon alinsunod
sa mga kautusan ng Diyos.
34 At ito ay nangyari na, na
humayo si Alma at hinatulan
ang mga yaong nahuli sa kasa-
maan, alinsunod sa salita ng
Panginoon.
35 At sinuman ang nagsisi ng
kanilang mga kasalanan at [a]ipi-
nagtapat ang mga ito, sila ay
kanyang ibinilang sa mga tao
ng simbahan;
36 At ang mga yaong hindi
nagtapat ng kanilang mga ka-
salanan at hindi nagsipagsisi
ng kanilang kasamaan, sila rin
ay hindi ibinilang sa mga tao ng
simbahan, at [a]binura ang kani-
lang mga pangalan.
37 At ito ay nangyari na, na
pinamahalaan ni Alma ang la-
hat ng gawain ng simbahan; at
sila ay nagsimulang muling
magkaroon ng kapayapaan at
umunlad nang labis sa mga ga-
wain ng simbahan, maingat na
lumalakad sa harapan ng Diyos,
tumatanggap ng marami, at
nagbibinyag ng marami.
38 At ngayon, ang lahat ng ba-
gay na ito ay ginawa ni Alma at
ng kanyang kapwa manggaga-
wa sa lahat ng nasa simbahan,
lumalakad nang buong sigasig,
nagtuturo ng salita ng Diyos sa
lahat ng bagay, nagdurusa ng
lahat ng uri ng paghihirap, pi-
nag-uusig ng lahat ng yaong
hindi kasapi sa simbahan ng
Diyos.
39 At pinaaalalahanan nila ang
kanilang mga kapatid; at sila ay
[a]pinaaalalahanan din, bawat isa
sa pamamagitan ng salita ng
Diyos, alinsunod sa kanyang
mga kasalanan, o sa mga kasala-
nang kanyang nagawa, na inu-
tusan ng Diyos na [b]manalangin
nang walang tigil, at [c]magbigay-
pasalamat sa lahat ng bagay.

## KABANATA 27

*Ipinagbawal ni Mosias ang pag-uusig at itinagubilin ang pagkakapantay-pantay—Hinangad na wasakin ng nakababatang Alma at ng apat na lalaking anak ni Mosias ang Simbahan—Nagpakita ang isang anghel at inutusan silang itigil ang kanilang masa-*

35*a* GBK Pagtatapat, Magtapat.
36*a* Ex. 32:33; Alma 1:24. GBK Aklat ng Buhay; Pagtitiwalag.
39*a* GBK Babala, Binalaan.
*b* 2 Ne. 32:8–9.
*c* GBK Salamat, Nagpapasalamat, Pasasalamat.

*mang hakbangin—Napipi si Alma—Ang buong sangkatauhan ay kinakailangang isilang na muli upang makatamo ng kaligtasan—Si Alma at ang mga lalaking anak ni Mosias ay nagpahayag ng masayang balita. Mga 100–92 B.C.*

AT ngayon ito ay nangyari na, na naging masidhi ang mga pag-uusig na ipinabata sa simbahan ng mga hindi naniniwala kung kaya't nagsimulang bumulung-bulong ang simbahan, at dumaing sa kanilang mga pinuno hinggil sa bagay na yaon; at dumaing sila kay Alma. At idinulog ni Alma ang karaingan sa harapan ng kanilang hari, si Mosias. At si Mosias ay nakipagsanggunian sa kanyang mga saserdote.
2 At ito ay nangyari na, na si
haring Mosias ay nagpadala ng isang pahayag sa lahat ng dako ng lupain sa palibot na hindi dapat [a]usigin ng kahit na sinong hindi naniniwala ang sinuman sa mga yaong kasapi sa simbahan ng Diyos.
3 At nagkaroon ng mahigpit na
utos sa lahat ng simbahan na hindi dapat magkaroon ng mga pag-uusig sa kanila, na nararapat magkaroon ng [a]pagkakapantay-pantay sa lahat ng tao;
4 Na hindi nila nararapat haya-
an ang kapalaluan ni ang pagkamapanghamak na gambalain ang kanilang [a]kapayapaan; na dapat [b]pahalagahan ng bawat tao ang kanyang kapwa tulad sa kanyang sarili, gumagawa sa pamamagitan ng sarili nilang mga kamay para sa kanilang panustos.
5 Oo, at ang lahat ng kanilang
mga saserdote at guro ay nararapat na [a]gumawa sa pamamagitan ng sarili nilang mga kamay para sa kanilang panustos, sa lahat ng pagkakataon maliban sa karamdaman, o sa malaking pangangailangan; at sa paggawa ng mga bagay na ito, sila ay nanagana sa [b]biyaya ng Diyos.
6 At nagsimulang muling
magkaroon ng labis na kapayapaan sa lupain; at ang mga tao ay nagsimulang labis na dumami, at nagsimulang kumalat nang malawakan sa balat ng lupa, oo, sa hilaga at sa timog, sa silangan at sa kanluran, nagtatayo ng malalaking lunsod at nayon sa lahat ng sulok ng lupain.
7 At dinalaw sila ng Panginoon at pinaunlad sila, at sila ay naging marami at mayayamang tao.
8 Ngayon, ang mga anak na
lalaki ni Mosias ay nabibilang sa mga hindi naniniwala; at gayon din, ang isa sa mga [a]anak na lalaki ni Alma ay nabilang sa kanila, siya na tinatawag na Alma alinsunod sa kanyang ama; gayon pa man, siya ay naging napakasama at isang lalaking [b]sumasamba sa mga diyus-

**27** 2*a* GBK Usigin, Pag-uusig.
3*a* Mos. 23:7; 29:32.
4*a* GBK Kapayapaan.
*b* GBK Pahalagahan.
5*a* Mos. 18:24, 26.
*b* GBK Biyaya.
8*a* GBK Alma, Anak ni Alma.
*b* GBK Pagsamba sa Diyus-diyusan.

diyusan. At siya ay isang lalaking bihasa sa pananalita, at nangusap siya ng maraming panghihibok sa mga tao; anupa't naakay niya ang marami sa mga tao na gumawa alinsunod sa uri ng kanyang mga kasamaan.

9 At siya ay naging isang malaking sagabal sa kaunlaran ng simbahan ng Diyos; [a]inaakay papalayo ang mga puso ng mga tao; nagiging dahilan ng maraming pagtatalo sa mga tao; nagbibigay ng pagkakataon sa kaaway ng Diyos na magamit ang kanyang kapangyarihan sa kanila.

10 At ngayon ito ay nangyari na, na habang siya ay nagpapalibut-libot kanyang isinasagawa ang pagwasak sa simbahan ng Diyos, sapagkat siya ay lumibot nang palihim kasama ang mga anak ni Mosias na naghahangad na wasakin ang simbahan, at upang iligaw ang mga tao ng Panginoon, taliwas sa mga kautusan ng Diyos, o maging ng hari—

11 At tulad ng aking sinabi sa inyo, habang sila ay nagpapalibut-libot at [a]naghihimagsik laban sa Diyos, masdan, ang [b]anghel ng Panginoon ay [c]nagpakita sa kanila; at siya ay bumaba na waring nasa ulap; at siya ay nangusap na katulad ng tinig ng kulog, na naging dahilan upang mayanig ang lupang kanilang kinatatayuan;

12 At labis ang kanilang panggigilalas, kung kaya't bumagsak sila sa lupa, at hindi naunawaan ang mga salitang kanyang sinabi sa kanila.

13 Gayon pa man sumigaw siyang muli, sinasabing: Alma, magbangon ka at tumindig, sapagkat bakit mo inuusig ang simbahan ng Diyos? Sapagkat sinabi ng Panginoon: [a]Ito ay aking simbahan, at aking itatatag ito; at walang anumang makapagpapabagsak dito, maliban sa pagkakasala ng aking mga tao.

14 At muli, sinabi ng anghel: Masdan, napakinggan ng Panginoon ang mga [a]panalangin ng kanyang mga tao, at gayon din ang mga panalangin ng kanyang tagapaglingkod na si Alma, na iyong ama; sapagkat nanalangin siya nang may labis na pananampalataya hinggil sa iyo na baka sakaling madala ka sa kaalaman ng katotohanan; anupa't dahil sa layuning ito ako ay naparito upang papaniwalain ka sa kapangyarihan at karapatan ng Diyos, upang ang mga [b]panalangin ng kanyang mga tagapaglingkod ay matugon alinsunod sa kanilang pananampalataya.

15 At ngayon masdan, mag-aalinlangan ka pa ba sa kapangyarihan ng Diyos? Sapagkat masdan, hindi ba't niyayanig ng aking tinig ang lupa? At hindi mo rin ba ako namamas-

9*a* 2 Sam. 15:1–6.
11*a* GBK Paghihimagsik.
*b* GBK Anghel, Mga.
*c* Gawa 9:1–9; Alma 8:15.
13*a* GBK Jesucristo—Pinuno ng Simbahan.
14*a* Alma 10:22.
*b* Morm. 9:36–37.

dan sa iyong harapan? At ako ay isinugo mula sa Diyos.
16 Ngayon sinabi ko sa inyo: Humayo, at alalahanin ang pagkakabihag ng inyong mga ama sa lupain ng Helam, at sa lupain ng Nephi; at pakatandaan kung gaano kadakila ang mga bagay na kanyang ginawa para sa kanila; sapagkat sila ay nasa pagkaalipin, at kanyang [a]pinalaya sila. At ngayon sinasabi ko sa iyo, Alma, humayo ka sa iyong landas, at huwag nang muling hangarin pang wasakin ang simbahan, upang ang kanilang mga panalangin ay matugon, at ito ay kahit na nga ikaw sa iyong sarili ay itakwil.
17 At ngayon ito ay nangyari na, na ito ang mga huling salitang sinabi ng anghel kay Alma, at siya ay lumisan.
18 At ngayon, si Alma at ang yaong mga kasama niya ay muling nalugmok sa lupa, sapagkat labis ang kanilang panggigilalas; sapagkat sa pamamagitan ng kanilang sariling mga mata sila ay nakamalas ng isang anghel ng Panginoon; at ang kanyang tinig ay tulad ng kulog, na yumanig sa lupa; at alam nila na walang anumang bagay maliban sa kapangyarihan ng Diyos ang makapagpapayanig sa lupa at nagawa itong payanigin na parang ito ay mabibiyak.
19 At ngayon, labis ang panggigilalas ni Alma kaya't siya ay napipi, na hindi niya maibuka ang kanyang bibig; oo, at siya ay nanghina, maging sa hindi niya maigalaw ang kanyang mga kamay; kaya nga, siya ay kinuha ng kanyang mga kasama, at binuhat na nanghihina, maging hanggang sa siya ay ilapag sa harapan ng kanyang ama.
20 At kanilang inilahad sa kanyang ama ang lahat ng nangyari sa kanila; at ang kanyang ama ay nagsaya, sapagkat nalalaman niya na ito ang kapangyarihan ng Diyos.
21 At kanyang pinapangyaring sama-samang magtipon ang maraming tao upang masaksihan nila kung ano ang ginawa ng Panginoon para sa kanyang anak, at gayon din sa mga kasama niya.
22 At kanyang pinapangyari na sama-samang tipunin ng mga saserdote ang kanilang sarili na magkakasama; at sila ay nagsimulang mag-ayuno, at manalangin sa Panginoon nilang Diyos upang kanyang buksan ang bibig ni Alma, upang siya ay makapagsalita, at upang matanggap din ng kanyang mga bisig ang mga lakas nito—upang mabuksan ang mga mata ng mga tao nang makita at malaman ang kabutihan at kaluwalhatian ng Diyos.
23 At ito ay nangyari na, na matapos silang mag-ayuno at manalangin sa loob ng dalawang araw at dalawang gabi, natanggap ng mga biyas ni Alma ang mga lakas nito, at siya ay tumindig at nagsimula siyang mangusap sa kanila, sinabihan silang magkaroon ng lakas ng loob:

16*a* Mos. 23:1–4.

24 Sapagkat, sinabi niya, nag-
sisi na ako sa aking mga kasa-
lanan, at [a]tinubos ng Pangino-
on; masdan, isinilang ako sa
espiritu.
25 At sinabi sa akin ng Pa-
nginoon: Huwag manggilalas
na ang buong sangkatauhan,
oo, kalalakihan at kababaihan,
lahat ng bansa, lahi, wika at
tao, ay kinakailangang [a]isilang
na muli; oo, isilang sa Diyos,
[b]nagbago mula sa [c]makamundo
at pagkahulog na kalagayan, tu-
ngo sa kalagayan ng kabutihan,
na tinubos ng Diyos, naging
kanyang mga anak na lalaki at
anak na babae;
26 At sa gayon sila naging mga
bagong nilikha; at maliban kung
kanilang gagawin ito, [a]hindi
nila mamamana sa anumang
paraan ang kaharian ng Diyos.
27 Sinasabi ko sa inyo, maliban
sa ito ang maging kalagayan, ay
kinakailangan silang itakwil; at
ito ay nalalaman ko, sapagkat
halos maitakwil ako.
28 Gayon pa man, matapos du-
manas ng maraming kahirapan,
halos mamatay sa pagsisisi, sa
awa ng Panginoon ay minara-
pat na agawin ako sa [a]walang
hanggang pagniningas, at ako
ay isinilang sa Diyos.
29 Ang aking kaluluwa ay na-
tubos mula sa kasukdulan ng
kapaitan at mga gapos ng kasa-
maan. Ako ay nasa pinakamadi-
lim na kailaliman noon; subalit
ngayon namamasdan ko ang ka-
gila-gilalas na liwanag ng Diyos.
Ang aking kaluluwa ay [a]pinahi-
rapan ng walang hanggang pa-
rusa; subalit ako ay inagaw, at
ang aking kaluluwa ay hindi
na muling nagdusa.
30 Itinakwil ko ang aking Ma-
nunubos, at tinanggihan ang
mga yaong sinabi ng ating mga
ama; subalit ngayon upang ka-
nilang makini-kinita na siya ay
paparito, at na kanyang naa-
alaala ang lahat ng nilalang na
kanyang nilikha; ipakikita niya
sa lahat ang kanyang sarili.
31 Oo, ang [a]bawat tuhod ay
magsisiluhod, at ang bawat
dila ay magtatapat sa kanyang
harapan. Oo, maging sa huling
araw, kapag lahat ng tao ay
magsisitindig upang [b]hatulan
niya, sa panahong yaon kani-
lang kikilalanin na siya ay
Diyos; pagkatapos ay kikilala-
nin nila, na mga nabubuhay ng
[c]walang dini-Diyos sa daigdig,
na ang kahatulan ng walang
hanggang kaparusahan ay ma-
katwiran para sa kanila; at sila
ay mayayanig, at manginginig,
at manliliit sa ilalim ng sulyap
ng kanyang [d]lubusang mapa-
nuring mata.
32 At ngayon ito ay nangyari
na, na simula sa panahong ito

24*a* 2 Ne. 2:6–7.
GBK Tubos, Tinubos, Pagtubos.
25*a* Rom. 6:3–11; Mos. 5:7; Alma 5:14; Moi. 6:59.
GBK Isilang na Muli, Isinilang sa Diyos.
*b* Mos. 3:19; 16:3.
*c* GBK Makamundo.
26*a* Juan 3:5.
28*a* 2 Ne. 9:16.
29*a* Mos. 2:38.
31*a* Fil. 2:9–11; Mos. 16:1–2; D at T 88:104.
*b* GBK Jesucristo—Hukom.
*c* Alma 41:11.
*d* GBK Diyos, Panguluhang Diyos.

ay nagsimula nang magturo si
Alma sa mga tao, at yaon ding
mga kasama ni Alma sa panahong nagpakita sa kanila ang
anghel, naglalakbay sa palibot
ng buong lupain, naghahayag
sa lahat ng tao ng mga bagay
na kanilang narinig at nakita,
at ipinangangaral ang salita ng
Diyos sa labis na paghihirap, na
labis na pinag-uusig ng yaong
mga hindi naniniwala, na binabagabag ng marami sa kanila.
33 Subalit sa kabila ng lahat
ng ito, sila ay nakapagbigay ng
labis na kasiyahan sa simbahan, pinagtitibay ang kanilang
pananampalataya, at pinapayuhan sila nang may mahabang pagtitiis at labis na paghihirap upang sundin ang mga
kautusan ng Diyos.
34 At apat sa kanila ang mga
[a]anak na lalaki ni Mosias; at
ang kanilang mga pangalan ay
Ammon, at Aaron, at Omner,
at Himni; ito ang mga pangalan ng mga anak ni Mosias.
35 At sila ay naglakbay sa lahat ng dako ng buong lupain
ng Zarahemla, at sa lahat ng
tao na nasa ilalim ng paghahari
ni haring Mosias, buong sigasig na nagsusumikap na maisaayos ang lahat ng kapinsalaang
kanilang nagawa sa simbahan,
ipinagtatapat ang lahat ng kanilang kasalanan, at inihahayag
ang lahat ng bagay na kanilang
nakita, at ipinaliliwanag ang
mga propesiya at banal na kasulatan sa lahat ng nagnanais
na marinig ang mga ito.
36 At sa gayon sila ay naging
mga kasangkapan sa mga kamay ng Diyos sa pagdadala ng
marami sa kaalaman ng katotohanan, oo, sa kaalaman ng kanilang Manunubos.
37 At gaano sila pinagpala! Sapagkat sila ay [a]naghayag ng kapayapaan; sila ay naghayag ng
[b]mabuting balita ng kabutihan;
at kanilang sinabi sa mga tao
na naghahari ang Panginoon.

## KABANATA 28

*Ang mga anak na lalaki ni Mosias ay humayo upang mangaral sa mga Lamanita—Ginagamit ang dalawang bato ng tagakita, isinalin ni Mosias ang mga lamina ng mga Jaredita. Mga 92 B.C.*

NGAYON ito ay nangyari na,
na matapos magawa ng mga
[a]anak na lalaki ni Mosias ang
lahat ng bagay na ito, sila ay
nagsama ng maliit na bilang at
nagbalik sa kanilang ama, ang
hari, at hiniling sa kanya na
kanyang pahintulutan sila, na
sila, kasama ang mga yaong
kanilang pinili ay umahon sa lupain ng [b]Nephi, upang maipangaral nila ang mga bagay na
kanilang narinig, at upang maibahagi nila ang salita ng Diyos
sa kanilang mga kapatid, ang
mga Lamanita—
2 Na baka sakaling kanilang

34*a* GBK Ammon, Anak ni Mosias.
37*a* Is. 52:7; Mos. 15:14–17. GBK Mangaral.
*b* GBK Ebanghelyo.
**28** 1*a* Mos. 27:34.
*b* Omni 1:12–13; Mos. 9:1.

madala sila sa kaalaman ng Panginoon nilang Diyos, at mapaniwala sila sa kasamaan ng kanilang mga ama; na baka sakaling malunasan nila ang kanilang [a]kapootan sa mga Nephita, na sila rin ay madala upang magalak sa Panginoon nilang Diyos, upang sila ay maging magiliw sa isa't isa, at upang hindi na muling magkaroon pa ng mga alitan sa lahat ng lupaing ibinigay sa kanila ng Panginoon nilang Diyos.

3 Ngayon, sila ay nagnais na ipahayag ang kaligtasan sa bawat nilikha, sapagkat hindi nila [a]maatim na ang sinumang [b]kaluluwa ng tao ay masawi; oo, maging ang isipin lamang na ang sinumang kaluluwa ay magtiis ng [c]walang hanggang pagdurusa ay naging dahilan upang sila ay mayanig at manginig.

4 At sa gayon ang Espiritu ng Panginoon ay kumilos sa kanila, sapagkat sila noon ang [a]pinakamasama sa lahat ng makasalanan. At minarapat ng Panginoon sa kanyang walang hanggang [b]awa na kaawaan sila; gayon pa man sila ay nagdusa sa labis na dalamhati ng kaluluwa dahil sa kanilang mga kasamaan, nagdurusa nang labis at natatakot na sila ay itakwil magpakailanman.

5 At ito ay nangyari na, na sila ay nagmakaawa sa kanilang ama ng maraming araw upang makaahon sila sa lupain ng Nephi.

6 At si haring Mosias ay humayo at nagtanong sa Panginoon kung nararapat ba niyang pahintulutan ang kanyang mga anak na umahon sa mga Lamanita upang ipangaral ang salita.

7 At sinabi ng Panginoon kay Mosias: Pahintulutan mo silang umahon, sapagkat maraming maniniwala sa kanilang mga salita, at sila ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan; at aking [a]ililigtas ang iyong mga anak mula sa mga kamay ng mga Lamanita.

8 At ito ay nangyari na, na pinahintulutan sila ni Mosias na makaalis at gawin ang naaayon sa kanilang kahilingan.

9 At [a]naglakbay sila paahon sa ilang upang ipangaral ang salita sa mga Lamanita; at aking ibibigay ang [b]ulat ng kanilang mga hakbangin pagkaraan nito.

10 Ngayon, si haring Mosias ay wala ni isa mang magawaran ng kaharian, sapagkat walang sinuman sa kanyang mga anak ang tatanggap ng kaharian.

11 Samakatwid kinuha niya ang mga talaang nauukit sa mga [a]laminang tanso, at gayon din ang mga lamina ni Nephi, at lahat ng bagay na kanyang iningatan at pinangalagaan alin-

2*a* Jac. 7:24.
3*a* Alma 13:27; 3 Ne. 17:14; Moi. 7:41.
*b* GBK Kaluluwa—Kahalagahan ng mga kaluluwa.
*c* Jac. 6:10; D at T 19:10–12.
4*a* Mos. 27:10.
*b* GBK Awa, Maawain.
7*a* Alma 19:22–23.
9*a* Alma 17:6–9.
*b* Alma 17–26.
11*a* GBK Laminang Tanso, Mga.

sunod sa mga kautusan ng Diyos, matapos na maisalin at pinapangyaring isulat ang mga talaan na nasa mga [b]laminang ginto na natagpuan ng mga tao ni Limhi, na ibinigay sa kanya ng mga kamay ni Limhi;
12 At kanyang ginawa ito dahil sa labis na pananabik ng kanyang mga tao; sapagkat ninanais nila nang hindi masusukat na malaman ang hinggil sa mga yaong taong nalipol.
13 At ngayon, kanyang isinalin ang mga ito sa pamamagitan ng dalawang [a]batong yaon na nakakabit sa dalawang pinilipit na balantok.
14 Ngayon, ang mga bagay na ito ay inihanda mula pa sa simula at ipinasa-pasa sa bawat sali't salinlahi, para sa layuning maipaliwanag ang mga wika;
15 At ang mga ito ay iningatan at pinangalagaan ng mga kamay ng Panginoon, upang kanyang maipaalam sa bawat nilikhang aangkin sa lupain ang mga kasamaan at mga karumal-dumal na gawain ng kanyang mga tao;
16 At sinuman ang nagtataglay ng mga bagay na ito ay tinatawag na [a]tagakita, alinsunod sa mga sinaunang panahon.
17 Ngayon, nang matapos ni Mosias ang pagsasalin ng mga talaang ito, masdan, nagbigay ito ng ulat ng mga taong [a]nalipol, mula sa panahong sila ay nalipol pabalik sa pagtatayo ng [b]malaking tore, sa panahong [c]nilito ng Panginoon ang wika ng mga tao at sila ay ikinalat nang malawakan sa balat ng lupa, oo, at maging mula sa panahong yaon pabalik hanggang sa paglikha kay Adan.
18 Ngayon, ang ulat na ito ay naging dahilan upang magdalamhati ang mga tao ni Mosias nang labis, oo, napuspos sila ng kalungkutan; gayon pa man nakapagbigay ito sa kanila ng maraming kaalaman, na kung saan sila ay nagalak.
19 At ang ulat na ito ay isusulat pagkaraan nito; sapagkat masdan, kapaki-pakinabang na malaman ng lahat ng tao ang mga bagay na nasusulat sa ulat na ito.
20 At ngayon, tulad ng nasabi ko na sa inyo, na matapos gawin ni haring Mosias ang mga bagay na ito, kanyang kinuha ang mga laminang [a]tanso, at lahat ng bagay na kanyang iningatan, at iginawad ang mga ito kay Alma, na anak ni Alma; oo, lahat ng talaan, at gayon din ang mga [b]pansalin, at iginawad ang mga ito sa kanya, at inutusan siya na nararapat niyang ingatan at [c]pangalagaan ang mga ito, at mag-ingat din ng isang talaan ng mga tao, na ipasa-pasa ang mga ito sa bawat sali't salinlahi, maging tu-

11*b* GBK Laminang Ginto, Mga.
13*a* GBK Urim at Tummim.
16*a* Mos. 8:13–18. GBK Tagakita.
17*a* Mos. 8:7–12.
*b* Eter 1:1–5.
*c* Gen. 11:6–9.
20*a* Alma 37:3–10.
*b* GBK Urim at Tummim.
*c* GBK Banal na Kasulatan, Mga—Mga banal na kasulatan dapat pangalagaan.

lad ng pagpapasa-pasa ng mga ito mula sa panahong nilisan ni Lehi ang Jerusalem.

## KABANATA 29

*Si Mosias ay nagmungkahi na mamili ng mga hukom bilang kapalit ng isang hari—Inaakay ng masasamang hari ang kanilang mga tao tungo sa kasalanan—Napili ang nakababatang Alma na maging punong hukom sa pamamagitan ng tinig ng mga tao—Siya rin ang mataas na saserdote ng Simbahan—Ang nakatatandang Alma at si Mosias ay namatay. Mga 92–91 B.C.*

Ngayon, nang magawa ito ni Mosias, nagpasabi siya sa lahat ng dako ng buong lupain, sa lahat ng tao, nagnanais na malaman ang kanilang kalooban hinggil sa kung sino ang dapat nilang maging hari.

2 At ito ay nangyari na, na ang tinig ng mga tao ay nagpahayag, sinasabing: Kami ay nagnanais na si Aaron na inyong anak ang maging aming hari at aming tagapamahala.

3 Ngayon, nagtungo si Aaron sa lupain ng Nephi, kaya nga hindi maaaring igawad ng hari sa kanya ang kaharian; ni ang tanggapin din ni Aaron ang kaharian; ni sinuman sa mga [a]anak na lalaki ni Mosias ang handang tumanggap sa kaharian.

4 Samakatwid, si haring Mosias ay muling nagpasabi sa mga tao; oo, maging isang nasusulat na salita ang kanyang ipinadala sa mga tao. At ito ang mga salitang nasusulat, sinasabing:

5 Masdan, O kayong mga tao ko, o aking mga kapatid, sapagkat itinuturing ko kayong gayon, nais kong inyong isaalang-alang ang dahilan kung saan tinawag kayo na magsaalang-alang—sapagkat kayo ay nagnanais na magkaroon ng isang [a]hari.

6 Ngayon aking ipinahahayag sa inyo na tumanggi ang siyang may karapatang magmay-ari ng kaharian, at hindi niya tatanggapin ang kaharian.

7 At ngayon kung maghirang nang iba na kahalili niya, masdan, natatakot akong baka pagmulan ito ng mga alitan sa inyo. At sino ang makaaalam na ang aking anak, na siyang may karapatang magmay-ari ng kaharian, ay magsimulang magalit at mayakag ang bahagi ng mga taong ito, na magiging dahilan ng mga digmaan at alitan sa inyo, na magiging dahilan ng pagdanak ng maraming dugo at pagliligaw sa landas ng Panginoon, oo, at wasakin ang kaluluwa ng maraming tao.

8 Ngayon sinasabi ko sa inyo na tayo ay maging matalino at isaalang-alang ang mga bagay na ito, sapagkat wala tayong karapatang wasakin ang aking anak, ni ang may karapatan tayong wasakin ang iba kung siya ang hihiranging kahalili niya.

9 At kung ang aking anak ay muling magbalik sa kanyang

**29** 3*a* Mos. 27:34. 5*a* 1 Sam. 8:9–19.

kapalaluan at sa mga bagay na
walang kabuluhan ay babawiin
niya ang mga bagay na kanyang
nasabi na, at aangkinin ang kan-
yang karapatan sa kaharian, na
magiging dahilan upang maka-
gawa siya at ang mga tao ring
ito ng maraming kasalanan.
10 At ngayon, tayo ay maging
matalino at asahan natin ang
mga bagay na ito, at gawin ang
yaong makapapayapa sa mga
taong ito.
11 Kaya nga, ako ang inyong
magiging hari sa mga nalalabi
ko pang mga araw; gayon pa
man, tayo ay [a]maghirang ng
mga [b]hukom, upang hatulan
ang mga taong ito alinsunod sa
ating batas; at muli nating isasa-
ayos ang mga gawain ng mga
taong ito, sapagkat maghihi-
rang tayo ng matatalinong tao
na maging mga hukom, na ha-
hatol sa mga taong ito alinsu-
nod sa mga kautusan ng Diyos.
12 Ngayon, higit na mabuti na
ang isang tao ay hatulan ng
Diyos kaysa ng tao, sapagkat
ang mga kahatulan ng Diyos ay
laging makatarungan, subalit
ang mga kahatulan ng tao ay
hindi laging makatarungan.
13 Sa gayon, kung maaaring
magkaroon kayo ng mga [a]maka-
tarungang tao na maging mga
hari ninyo, na magpapatibay sa
mga batas ng Diyos, at hahatu-
lan ang mga taong ito alinsunod
sa kanyang mga kautusan, oo,
kung maaari kayong magkaro-
on ng mga tao na maging mga
hari ninyo na gagawa ng tulad
ng aking amang si [b]Benjamin
para sa mga taong ito—sinasa-
bi ko sa inyo, kung maaari na
laging ganito ang pangyayari,
kung gayon ay kapaki-pakina-
bang na lagi kayong magkaro-
on ng mga haring mamamaha-
la sa inyo.
14 At maging ako rin ay gu-
mawa nang buong kapangyari-
han at mga kakayahang aking
taglay, upang turuan kayo ng
mga kautusan ng Diyos, at
upang panatilihin ang kapaya-
paan sa lahat ng dako ng lupa-
in, nang hindi na magkaroon
ng mga digmaan ni mga alitan
man, walang pagnanakaw, ni
pandarambong, ni pagpaslang,
ni anumang uri ng kasamaan;
15 At sinuman ang nakagaga-
wa ng kasamaan, akin siyang
[a]pinarusahan alinsunod sa bigat
ng kasalanang kanyang naga-
wa, alinsunod sa batas na ibini-
gay sa atin ng ating mga ama.
16 Ngayon sinasabi ko sa inyo,
na sapagkat ang lahat ng tao ay
hindi makatarungan ay hindi
kapaki-pakinabang na magka-
roon kayo ng isang hari o mga
haring mamamahala sa inyo.
17 Sapagkat masdan, gaano
kalaking [a]kasamaan ang itinu-
lot na magawa ng isang [b]masa-
mang hari, oo, at gaano kala-
king pagkawasak!
18 Oo, alalahanin si haring
Noe, ang kanyang [a]kasamaan at

11*a* Mos. 29:25–27.
*b* Ex. 18:13–24.
13*a* Mos. 23:8, 13–14.
*b* S ni M 1:17–18.
15*a* Alma 1:32–33.
17*a* Alma 46:9–10.
*b* Mos. 23:7–9.
18*a* Mos. 11:1–15.

mga karumal-dumal na gawain, at gayon din ang kasamaan at mga karumal-dumal na gawain ng kanyang mga tao. Masdan, anong laking pagkawasak ang sumapit sa kanila; at dahil din sa kanilang mga kasamaan ay nadala sila sa [b]pagkaalipin.

19 At kung hindi dahil sa pamamagitan ng kanilang lubos na matalinong Lumikha, at dahil ito sa kanilang matapat na pagsisisi, tiyak na di maiiwasang manatili sila sa pagkaalipin hanggang sa ngayon.

20 Subalit masdan, kanyang pinalaya sila dahil sa [a]nagpakumbaba sila ng kanilang sarili sa kanyang harapan; at dahil sa [b]nagsumamo sila nang mataimtim sa kanya ay kanyang pinalaya sila mula sa pagkaalipin; at sa gayon gumagawa ang Panginoon sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan sa lahat ng pagkakataon sa mga anak ng tao, inuunat ang bisig ng kanyang [c]awa sa kanila na nagbibigay ng kanilang [d]tiwala sa kanya.

21 At masdan, sinasabi ko sa inyo, hindi ninyo maaaring mapababa sa luklukan ang isang masamang hari maliban sa pamamagitan ng labis na alitan, at sa pagpapadanak ng maraming dugo.

22 Sapagkat masdan, may mga [a]kaibigan siya sa kasamaan, at pinananatili niya ang kanyang mga bantay sa kanyang paligid; at kanyang pinupunit ang mga batas ng yaong mga sinundan niya na namahala sa katwiran; at niyuyurakan niya sa ilalim ng kanyang mga paa ang mga kautusan ng Diyos;

23 At gumagawa siya ng mga batas, at ipinadadala ang mga ito sa kanyang mga tao, oo, mga batas alinsunod sa kanyang sariling [a]kasamaan; at kung sinuman ang hindi susunod sa kanyang mga batas ay papapangyarihin niyang lipulin; at kung sinuman ang maghihimagsik laban sa kanya ay ipadadala niya ang kanyang mga hukbo laban sa kanila upang makidigma, at kung kanyang magagawa ay kanya silang lilipulin; at sa gayon iniliILigaw ng isang masamang hari ang mga landas ng lahat ng katwiran.

24 At ngayon masdan, sinasabi ko sa inyo, hindi kapaki-pakinabang na sumapit sa inyo ang gayong mga karumal-dumal na gawain.

25 Samakatwid, mamili kayo sa pamamagitan ng tinig ng mga taong ito, ng mga hukom, upang kayo ay mahatulan alinsunod sa mga batas na ibinigay sa inyo ng ating mga ama, na tama, at ibinigay sa kanila ng kamay ng Panginoon.

26 Ngayon hindi pangkaraniwan na ang tinig ng mga tao ay magnais ng anumang bagay na

18*b* 1 Sam. 8:10–18; Mos. 12:1–8; Eter 6:22–23.
20*a* Mos. 21:13–15.
*b* Ex. 2:23–25; Alma 43:49–50.
*c* Ez. 33:11, 15–16; Mos. 26:30.
*d* gbk Pagtitiwala.
22*a* 1 Hari 12:8–14.
23*a* gbk Masama, Kasamaan.

salungat sa yaong tama; subalit pangkaraniwan ito sa kakaunting bahagi ng mga tao na magnais ng yaong hindi tama; kaya nga, ito ay inyong sundin at gawin itong inyong batas—ang gawin ang inyong mga gawain sa pamamagitan ng tinig ng mga tao.

27 At [a]kung dumating ang panahon na ang tinig ng mga tao ay piliin ang kasamaan, sa panahong yaon ay sasapit sa inyo ang mga paghahatol ng Diyos; oo, sa panahong yaon kayo ay dadalawin niya sa pamamagitan ng malaking pagkawasak maging tulad ng hanggang ngayong pagdalaw niya sa lupaing ito.

28 At ngayon, kung mayroon kayong mga hukom, at hindi nila kayo hinahatulan nang alinsunod sa batas na ibinigay, maaari ninyong papangyarihing sila ay mahatulan ng isang nakatataas na hukom.

29 Kung ang inyong mga nakatataas na hukom ay hindi naghahatol ng mga makatarungang paghahatol, papangyarihin ninyo na ang maliit na bilang ng inyong nakabababang hukom ay sama-samang magtipon at kanilang hahatulan ang inyong mga nakatataas na hukom, alinsunod sa tinig ng mga tao.

30 At inuutos ko sa inyong gawin ang mga bagay na ito nang may takot sa Panginoon; at inuutos ko sa inyong gawin ang mga bagay na ito, at huwag kayong magkaroon ng hari; na kung ang mga taong ito ay makagawa ng mga kasalanan at kasamaan, ang mga ito ay pananagutan ng kanilang sariling mga ulo.

31 Sapagkat masdan sinasabi ko sa inyo, ang mga kasalanan ng maraming tao ay sanhi ng mga kasamaan ng kanilang mga hari; samakatwid, ang kanilang mga kasalanan ay pananagutan ng ulo ng kanilang mga hari.

32 At ngayon ninanais ko na itong [a]hindi pagkakapantay-pantay ay mawala sa lupaing ito, lalung-lalo na sa itong aking mga tao; bagkus ninanais ko na ang lupaing ito ay maging isang lupain ng [b]kalayaan, at ang [c]bawat tao ay magtamasa ng kanyang mga karapatan at pribilehiyo nang magkakatulad habang minamarapat ng Panginoon na tayo ay mabuhay at manahin ang lupain, oo, maging habang ang sinuman sa ating angkan ay nananatili sa ibabaw ng lupain.

33 At marami pang bagay ang isinulat sa kanila ni haring Mosias, inilalahad sa kanila ang lahat ng pagsubok at suliranin ng isang mabuting hari, oo, lahat ng paghihirap ng kaluluwa para sa kanilang mga tao, at gayon din ang lahat ng pagbulung-bulong ng mga tao sa kanilang hari; at ipinaliwanag niya ang lahat ng ito sa kanila.

34 At kanyang sinabi sa kanila na hindi nararapat mangyari

27*a* Alma 10:19.
32*a* Alma 30:11.
*b* 2 Ne. 1:7; 10:11. GBK Malaya, Kalayaan.
*c* Alma 27:9.

ang mga bagay na ito; kundi ang pasanin ay mapasalahat ng tao, upang dalhin ng bawat tao ang kanyang gawa.
35 At kanya ring inilahad sa kanila ang lahat ng kasahulang dinanas nila, sa pagkakaroon ng isang masamang hari na mamahala sa kanila;
36 Oo, lahat ng kanyang kasamaan at mga karumal-dumal na gawain, at lahat ng digmaan, at mga alitan, at pagdanak ng dugo, at ang pagnanakaw, at ang pandarambong, at ang paggawa ng mga pagpapatutot, at lahat ng uri ng kasamaan na hindi maaaring isa-isahin—sinasabi sa kanila na ang mga bagay na ito ay hindi nararapat mangyari, na ang mga ito ay tahasang sumasalungat sa mga kautusan ng Diyos.
37 At ngayon ito ay nangyari na, matapos ipadala ni haring Mosias ang mga bagay na ito sa mga tao sila ay napaniwala sa katotohanan ng kanyang mga salita.
38 Anupa't tinalikdan nila ang kanilang pagnanais ng isang hari, at labis na nanabik na ang bawat tao ay magkaroon ng pantay na pagkakataon sa lahat ng dako ng buong lupain; oo, at ang bawat tao ay nagpahayag ng pagkukusang-loob na managot sa kanyang sariling mga kasalanan.
39 Samakatwid, ito ay nangyari na, na tinipon nila ang kanilang sarili na magkakasama sa mga pangkat sa lahat ng dako ng lupain, upang ipahayag ang kanilang tinig hinggil sa kung sino ang dapat nilang maging mga hukom, na hahatol sa kanila alinsunod sa [a]batas na ibinigay sa kanila; at labis silang nagalak dahil sa [b]kalayaang ipinagkaloob sa kanila.
40 At tumibay ang kanilang pagmamahal kay Mosias; oo, at siya ay itinangi nila ng higit pa sa sinumang tao; sapagkat hindi nila siya itinuturing na isang malupit na pinuno na naghahangad na makinabang, oo, para sa yaong kapakinabangan na nagpapasama sa kaluluwa; sapagkat hindi siya nangamkam ng kayamanan sa kanila, ni ang nalugod siya sa pagdanak ng dugo; kundi kanyang itinatag ang [a]kapayapaan sa lupain, at ipinagkaloob niya sa kanyang mga tao na palayain sila mula sa lahat ng uri ng pagkaalipin; anupa't kanilang itinangi siya, oo, nang labis, nang hindi masusukat.
41 At ito ay nangyari na, na naghirang sila ng mga [a]hukom na mamamahala sa kanila, o hahatol sa kanila nang alinsunod sa batas; at ginawa nila ito sa lahat ng dako ng buong lupain.
42 At ito ay nangyari na, na nahirang si Alma na maging unang punong hukom, na siya ring mataas na saserdote, na iginawad na katungkulan sa kanya ng kanyang ama, at ibinigay sa kanya ang pamama-

39*a* Alma 1:14.
*b* GBK Malaya, Kalayaan.
40*a* GBK Tagapamayapa.
41*a* Mos. 29:11.

hala hinggil sa lahat ng gawain
ng simbahan.
43 At ngayon ito ay nangyari
na, na [a]lumakad si Alma sa mga
landas ng Panginoon, at sinunod niya ang kanyang mga kautusan, at humahatol siya ng makatarungang paghahatol; at nagkaroon ng patuloy na kapayapaan sa lupain.
44 At sa gayon nagsimula ang
panunungkulan ng mga hukom sa lahat ng dako ng buong lupain ng Zarahemla, sa lahat ng tao na tinatawag na mga Nephita; at si Alma ang naging una at punong hukom.
45 At ngayon ito ay nangyari
na, na ang kanyang ama ay namatay, na nasa walumpu at dalawang taong gulang, na nabubuhay na isinasakatuparan ang mga kautusan ng Diyos.
46 At ito ay nangyari na, na si
Mosias ay namatay rin, sa ikatatlumpu at tatlong taon ng kanyang paghahari, na nasa [a]animnapu at tatlong taong gulang; na sa kabuuan, limang daan at siyam na taon mula sa panahong nilisan ni Lehi ang Jerusalem.
47 At sa gayon nagtapos ang
paghahari ng mga hari sa mga tao ni Nephi; at sa gayon nagtapos ang mga araw ni Alma, na siyang nagtatag ng kanilang simbahan.

# ANG AKLAT NI ALMA

ANG ANAK NA LALAKI NI ALMA

Ang ulat ni Alma, na anak na lalaki ni Alma, ang una at punong hukom ng mga tao ni Nephi, at mataas na saserdote rin sa Simbahan. Isang ulat ng panunungkulan ng mga hukom, at ng mga digmaan at alitan ng mga tao. At ulat din ng isang digmaan na namagitan sa mga Nephita at sa mga Lamanita, ayon sa talaan ni Alma, ang una at punong hukom.

## KABANATA 1

*Si Nehor ay nagturo ng mga maling doktrina, nagtatag ng isang simbahan, nagpasimula ng huwad na pagkasaserdote, at pinatay si Gedeon—Si Nehor ay binitay dahil sa kanyang mabibigat na kasalanan—Ang mga huwad na pagkasaserdote at pag-uusig ay lumaganap sa mga tao—Tinustusan ng mga saserdote ang kanilang sarili, kinalinga ng mga tao ang mga maralita, at ang Simbahan ay umunlad. Mga 91–88 B.C.*

1 NGAYON ito ay nangyari na, na sa unang taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi, mula sa panahong ito, si haring Mosias

43*a* GBK Lumakad, Lumakad na Kasama ng Diyos.
46*a* Mos. 6:4.

na [a]yumaon na ng lakad ng bu-
ong lupa, na nakipaglaban ng
isang mabuting laban, nagla-
kad nang matwid sa harapan
ng Diyos, ay walang sino mang
iniwanan na mamahalang ka-
halili niya; gayon pa man, siya
ay nagtakda ng mga [b]batas, at
kinilala ito ng mga tao; anu-
pa't, sila ay kinailangang su-
munod sa mga batas na kan-
yang ginawa.
2 At ito ay nangyari na, na sa
unang taon ng panunungkulan
ni Alma sa hukumang-luklu-
kan, na may isang [a]lalaking di-
nala sa kanyang harapan upang
hatulan, isang malaking lalaki,
at nakilala dahil sa kanyang la-
bis na lakas.
3 At siya ay lumibot sa mga
tao, nangangaral sa kanila ng [a]ti-
natawag niyang salita ng Diyos,
nagpapatotoo [b]laban sa simba-
han; ipinahahayag sa mga tao
na ang lahat ng saserdote at guro
ay nararapat na maging [c]tan-
yag; at nararapat na [d]hindi gu-
mawa sa pamamagitan ng ka-
nilang mga kamay, kundi nara-
rapat silang tustusan ng mga
tao.
4 At siya ay nagpatotoo rin sa
mga tao na ang buong sangka-
tauhan ay maliligtas sa huling
araw, at na hindi nila kinaka-
ilangang matakot ni manginig,
kundi ang itaas nila ang kani-
lang mga ulo at magalak; sapag-
kat nilikha ng Panginoon ang
lahat ng tao, at kanya ring tinu-
bos ang lahat ng tao; at, sa kata-
pusan, ang lahat ng tao ay
magkakaroon ng buhay na wa-
lang hanggan.
5 At ito ay nangyari na, na iti-
nuro niya ang mga bagay na ito
nang husto kung kaya't mara-
mi ang naniwala sa kanyang
mga salita, maging sa napaka-
rami kung kaya't nagsimula si-
lang tustusan siya at bigyan
siya ng salapi.
6 At nagsimula siyang maia-
ngat sa kapalaluan ng kanyang
puso, at magbihis ng napakama-
mahal na kasuotan, oo, at nag-
simula ring magtatag ng isang
[a]simbahan alinsunod sa paraan
ng kanyang pangangaral.
7 At ito ay nangyari na, nang
siya ay paalis na, upang ma-
ngaral sa mga yaong nanini-
wala sa kanyang salita, na na-
salubong niya ang isang lala-
king nabibilang sa simbahan
ng Diyos, oo, maging isa sa
kanilang mga guro; at siya ay
nagsimulang makipagtalo sa
kanya nang matalim, upang
kanyang maakay palayo ang
mga tao ng simbahan; subalit
siya ay napangatwiranan ng la-
laki, pinaaalalahanan siya sa
pamamagitan ng mga [a]salita
ng Diyos.
8 Ngayon, ang pangalan ng
lalaki ay [a]Gedeon, at siya ya-
ong naging kasangkapan sa
mga kamay ng Diyos sa pagpa-
palaya sa mga tao ni Limhi
mula sa pagkaalipin.

[ALMA]
**1** 1a *Mos.* 29:46.
*b* Jar. 1:5; Alma 4:16; Hel. 4:22.
2*a* Alma 1:15.
3*a* Ez. 13:3.
*b* GBK Anti-Cristo.
*c* Lu. 6:26; 1 Ne. 22:23.
*d* Mos. 18:24, 26; 27:5.
6*a* 1 Ne. 14:10.
7*a* GBK Salita ng Diyos.
8*a* Mos. 20:17; 22:3.

9 Ngayon, sapagkat siya ay napangatwiranan ni Gedeon sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos siya ay napoot kay Gedeon, at hinugot ang kanyang espada at nagsimulang saksakin siya. Ngayon, si Gedeon na pinatanda na ng maraming taon, kaya nga hindi niya nagawang mapaglabanan ang kanyang mga saksak, anupa't [a]napatay siya sa pamamagitan ng espada.

10 At ang lalaking pumatay sa kanya ay dinakip ng mga tao ng simbahan, at dinala sa harapan ni Alma, upang [a]mahatulan alinsunod sa mabibigat na kasalanang kanyang nagawa.

11 At ito ay nangyari na, na siya ay tumindig sa harapan ni Alma at ipinagtanggol ang kanyang sarili nang buong kapangahasan.

12 Subalit sinabi ni Alma sa kanya: Masdan, ito ang unang pagkakataon na ang [a]huwad na pagkasaserdote ay pinasimulan sa mga taong ito. At masdan, hindi ka lamang nagkasala ng huwad na pagkasaserdote, kundi nagpilit pang ipatupad ito sa pamamagitan ng espada; at kung ang huwad na pagkasaserdote ay ipatutupad sa mga taong ito ay mangangahulugan ito ng kanilang lubusang pagkalipol.

13 At pinadanak mo ang dugo ng isang mabuting tao, oo, isang taong nakagawa ng labis na kabutihan sa mga taong ito; at kung amin kang patatawarin, ang kanyang dugo ay uusig sa amin upang [a]maghiganti.

14 Anupa't hinahatulan kang mamatay, alinsunod sa batas na ibinigay sa atin ni Mosias, na ating huling hari; at ito ay kinilala ng mga taong ito; kaya nga, ang mga taong ito ay kinakailangang [a]sumunod sa batas.

15 At ito ay nangyari na, na kanilang dinakip siya; at ang kanyang pangalan ay [a]Nehor; at kanilang dinala siya sa tuktok ng burol ng Manti, at doon siya binigyang-katwiran, o sa lalong maliwanag ay pinaamin, sa pagitan ng kalangitan at ng lupa, na ano man ang kanyang itinuro sa mga tao ay salungat sa salita ng Diyos; at doon siya nagdanas ng isang kadusta-dustang [b]kamatayan.

16 Gayon pa man, hindi nito nawakasan ang paglaganap ng huwad na pagkasaserdote sa lupain; sapagkat marami ang nagmamahal sa mga bagay na walang kabuluhan ng daigdig, at humayo silang nangangaral ng mga maling doktrina; at ito ay ginawa nila dahil sa mga [a]kayamanan at karangalan.

17 Gayon pa man, hindi sila nangahas na [a]magsinungaling, kung ito ay malalaman, dahil sa

9*a* Alma 6:7.
10*a* Mos. 29:42.
12*a* 2 Ne. 26:29. GBK Huwad na Pagkasaserdote.
13*a* GBK Paghihiganti.
14*a* GBK Mabigat na Kaparusahan.
15*a* Alma 1:2.
*b* Deut. 13:1–9.
16*a* GBK Kayamanan; Kawalang-kabuluhan, Walang Kabuluhan.
17*a* GBK Matapat, Katapatan; Pagsisinungaling.

takot sa batas, sapagkat ang
mga sinungaling ay pinarurusa-
han; anupa't sila ay nagkunwa-
ring ipinangangaral ang naa-
ayon sa kanilang paniniwala; at
ngayon, ang batas ay walang ka-
pangyarihan sa sino mang tao
dahil sa [b]kanyang paniniwala.
18 At hindi sila nangahas na
[a]magnakaw, dahil sa takot sa
batas, sapagkat ang gayon ay
pinarurusahan; ni ang manga-
has silang manloob, ni pumas-
lang, sapagkat siya na [b]puma-
paslang ay pinarurusahan hang-
gang [c]kamatayan.
19 Subalit ito ay nangyari na,
na sino mang hindi nabibilang
sa simbahan ng Diyos ay nagsi-
mulang usigin ang mga yaong
nabibilang sa simbahan ng
Diyos, at tinaglay sa kanilang
sarili ang pangalan ni Cristo.
20 Oo, kanilang inusig sila, at
sinaktan sila sa pamamagitan
ng lahat ng uri ng pananalita,
at ito ay dahil sa kanilang ka-
pakumbabaan; sapagkat hindi
sila palalo sa kanilang sariling
paningin, at dahil sa ipinaha-
yag nila ang salita ng Diyos sa
isa't isa, nang [a]walang salapi at
walang bayad.
21 Ngayon may isang mahig-
pit na batas sa mga tao ng sim-
bahan, na walang sino mang
tao, na nabibilang sa simbahan,
ang magpapasimuno at [a]uusig
sa mga yaong hindi nabibilang
sa simbahan, at nararapat na
walang pag-uusig sa kanila.
22 Gayon pa man, marami sa
kanila ang nagsimulang maging
palalo, at nagsimulang mainit
na makipagtalo sa kanilang mga
katunggali, maging hanggang
sa paghahatawan; oo, sinusun-
tok nila ang isa't isa sa pamama-
gitan ng kanilang mga kamao.
23 Ngayon, ito ay sa ikala-
wang taon ng panunungkulan
ni Alma, at ito ang naging da-
hilan ng labis na paghihirap ng
simbahan; oo, ito ang naging
dahilan ng labis na pagsubok
ng simbahan.
24 Sapagkat ang mga puso ng
karamihan ay tumigas, at ang
kanilang mga pangalan ay [a]bi-
nura, kung kaya't hindi na
muli silang inaalaala pa sa mga
tao ng Diyos. At marami rin
ang [b]inilayo ang kanilang sarili
mula sa kanila.
25 Ngayon, ito ay naging
isang malaking pagsubok sa
mga yaong nanatiling matatag
sa pananampalataya; gayon pa
man, sila ay naging matatag at
di natitinag sa pagsunod sa
mga kautusan ng Diyos, at ka-
nilang binata nang may [a]pagti-
tiis ang pag-uusig na ibinunton
sa kanila.
26 At kapag iniiwanan ng mga
saserdote ang kanilang [a]gawain

17*b* Alma 30:7–12; S ng P 1:11.
18*a* GBK Magnakaw, Pagnanakaw.
*b* GBK Pagpaslang.
*c* GBK Mabigat na Kaparusahan.
20*a* Is. 55:1–2.
21*a* GBK Usigin, Pag-uusig.
24*a* Ex. 32:33; Mos. 26:36; Alma 6:3. GBK Pagtitiwalag.
*b* Alma 46:7. GBK Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan.
25*a* GBK Tiyaga.
26*a* Mos. 18:24, 26; 27:3–5.

upang ipahayag ang salita ng Diyos sa mga tao, ang mga tao rin ay iniiwanan ang kanilang mga gawain upang pakinggan ang salita ng Diyos. At kapag ang mga saserdote ay naipahayag na sa kanila ang salita ng Diyos, silang lahat ay muling nagbabalik nang buong sigasig sa kanilang mga gawain; at ang saserdote, ay hindi pinahahalagahan ang kanyang sarili nang higit sa kanyang mga tagapakinig sapagkat ang mangangaral ay hindi nakahihigit kaysa sa tagapakinig, ni ang guro ay nakahihigit kaysa sa mag-aaral; at sa gayon silang lahat ay pantay-pantay, at silang lahat ay gumagawa, bawat tao [b]ayon sa kanyang lakas.

27 At [a]ibinahagi nila ang kanilang kabuhayan, bawat tao alinsunod sa kanyang taglay, sa mga [b]maralita, at nangangailangan, at sa may karamdaman, at sa naghihirap; at hindi sila nagbibihis ng mamahaling kasuotan, gayon man, sila ay maaayos at kaakit-akit.

28 At sa gayon itinatag ang mga gawain ng simbahan; at sa gayon sila nagsimulang magkaroong muli ng patuloy na kapayapaan, sa kabila ng lahat ng pag-uusig sa kanila.

29 At ngayon, dahil sa katatagan ng simbahan sila ay nagsimulang labis na [a]magsiyaman, nananagana sa lahat ng bagay ano man ang kanilang kinakailangan—nagkaroon ng kasaganaan sa mga kawan ng tupa at baka, at patabain ng lahat ng uri, at kasaganaan din sa butil, at sa ginto, at sa pilak, at sa mahahalagang bagay, at kasaganaan sa [b]sutla at maiinam na hinabing lino, at lahat ng uri ng matitibay na kayo.

30 At sa gayon, sa kanilang [a]maunlad na kalagayan, hindi nila itinaboy ang sino mang mga [b]hubad, o mga gutom, o mga uhaw, o mga may karamdaman, o mga hindi nakandili; at hindi nila inilagak ang kanilang mga puso sa mga kayamanan; anupa't sila ay naging mapagbigay sa lahat, kapwa matanda at bata, kapwa alipin at malaya, kapwa lalaki at babae, maging sa labas ng simbahan o sa loob ng simbahan, walang [c]itinatangi sa mga tao hinggil sa mga yaong nangangailangan.

31 At sa gayon sila umunlad at naging higit na mayayaman kaysa sa mga yaong hindi nabibilang sa kanilang simbahan.

32 Sapagkat yaong mga hindi nabibilang sa kanilang simbahan ay pinalayaw ang kanilang sarili sa mga pangungulam, at sa [a]pagsamba sa mga diyus-diyusan, o [b]katamaran, at sa [c]paninirang-puri, at sa [d]inggitan at sa sigalutan; nagbibihis

26*b* Mos. 4:27; D at T 10:4.
27*a* GBK Limos, Paglilimos.
*b* Lu. 18:22; Mos. 4:26; D at T 42:29–31.
29*a* GBK Kayamanan.
*b* Alma 4:6.
30*a* Jac. 2:17–19.
*b* GBK Maralita.
*c* Alma 16:14; D at T 1:35.
32*a* GBK Pagsamba sa Diyus-diyusan.
*b* GBK Tamad, Katamaran.
*c* GBK Pagsasalita nang Masama.
*d* GBK Inggit.

ng mamahaling kasuotan; [e]iniaa-
ngat sa kapalaluan ng kanilang
sariling paningin; nang-uusig,
nagsisinungaling, nagnanakaw,
nanloloob, gumagawa ng mga
pagpapatutot, at pumapaslang,
at lahat ng uri ng kasamaan; ga-
yon pa man, ang batas ay ipina-
tutupad sa lahat ng yaong lu-
malabag dito, hangga't maaari.
33 At ito ay nangyari na, na sa
pamamagitan ng gayong pag-
papatupad ng batas sa kanila,
bawat tao ay nagdurusa alinsu-
nod sa nagawa niya, sila ay na-
ging higit na matatag, at hindi
nangahas na gumawa ng ano
mang kasamaan kung ito ay
malalaman; kaya nga nagkaro-
on ng labis na kapayapaan sa
mga tao ni Nephi hanggang sa
ikalimang taon ng panunung-
kulan ng mga hukom.

## KABANATA 2

*Si Amlici ay naghangad na maging hari at tinanggihan ng tinig ng mga tao—Siya ay ginawang hari ng kanyang mga tagasunod—Ang mga Amlicita ay nakidigma sa mga Nephita at mga natalo—Ang mga Lamanita at Amlicita ay nagsama ng lakas at mga natalo—Napatay ni Alma si Amlici. Mga 87 B.C.*

AT ito ay nangyari na, na sa
pagsisimula ng ikalimang taon
ng kanilang panunungkulan
ay nagsimulang magkaroon ng
alitan sa mga tao; sapagkat
isang lalaki, na tinatawag na
Amlici, siya na napakatusong
tao, oo, isang matalinong tao sa
karunungan ng sanlibutan, siya
na alinsunod sa orden ng lala-
king pumatay kay [a]Gedeon sa
pamamagitan ng espada, na hi-
natulan ng kamatayan alinsu-
nod sa batas—
2 Ngayon, ang Amlici na ito,
sa pamamagitan ng kanyang ka-
tusuhan, ay nakapanghikayat
ng maraming tao sa kanya; ma-
ging sa napakarami kung ka-
ya't sila ay nagsimulang maging
napakalakas; at sila ay nagsi-
mulang magsumikap na iluk-
lok si Amlici na maging hari sa
mga tao.
3 Ngayon, ito ay nakabahala
sa mga tao ng simbahan, at ga-
yon din sa lahat ng yaong hindi
nahikayat palayo ng mga pang-
hihikayat ni Amlici; sapagkat
nalalaman nila na alinsunod sa
kanilang batas, ang mga gayong
bagay ay kinakailangang pag-
tibayin ng [a]tinig ng mga tao.
4 Anupa't kung magagawang
matamo ni Amlici ang tinig ng
mga tao, siya, na isang masa-
mang tao, ay [a]pagkakaitan sila
ng kanilang mga karapatan at
pribilehiyo sa simbahan; sa-
pagkat kanyang layuning wa-
sakin ang simbahan ng Diyos.
5 At ito ay nangyari na, na
sama-samang tinipon ng mga
tao ang kanilang sarili sa lahat
ng dako ng buong lupain, ba-
wat tao alinsunod sa kanyang
nasasaisip, kung ito ay para

32*e* Jac. 2:13;
Alma 31:25;
Morm. 8:28.
GBK Kapalaluan.
**2** 1*a* Alma 1:8.
3*a* Mos. 29:25–27;
Alma 4:16.
4*a* Alma 10:19;
Hel. 5:2.

kay o laban kay Amlici, sa
magkakahiwalay na pangkat,
na may masidhing pagtatalu-
talo at kamangha-manghang
[a]pakikipag-alitan sa isa't isa.
6 At sa gayon sama-samang ti-
nipon nila ang kanilang sarili
upang ipahayag ang kanilang
tinig hinggil sa paksang yaon;
at ipinabatid ang mga ito sa ha-
rapan ng mga hukom.
7 At ito ay nangyari na, na ang
tinig ng mga tao ay nagpaha-
yag laban kay Amlici, kung ka-
ya't hindi siya ginawang hari
sa mga tao.
8 Ngayon, ito ay nagdulot ng
labis na kagalakan sa mga puso
ng yaong laban sa kanya; suba-
lit pinukaw ni Amlici yaong
mga tumangkilik sa kanya na
magalit laban sa mga yaong
hindi tumangkilik sa kanya.
9 At ito ay nangyari na, na
magkakasamang tinipon nila
ang kanilang sarili, at itinalaga
si Amlici na kanilang maging
hari.
10 Ngayon, nang si Amlici ay
maging hari nila ay inutusan
niya silang humawak ng mga
sandata laban sa kanilang mga
kapatid; at ito ay ginawa niya
upang mapasailalim sila sa
kanya.
11 Ngayon, ang mga tao ni
Amlici ay kinilala sa pangalan
ni [a]Amlici, na tinatawag na mga
Amlicita; at ang nalalabi ay ti-
nawag na mga [b]Nephita, o ang
mga tao ng Diyos.
12 Samakatwid, nalalaman ng
mga tao ng mga Nephita ang la-
yunin ng mga Amlicita, at kaya
nga, sila ay naghanda na hara-
pin sila; oo, sinandatahan nila
ang kanilang sarili ng mga espa-
da, at ng mga simitar, at ng mga
busog, at ng mga palaso, at ng
mga bato, at ng mga tirador, at
ng lahat ng uri ng [a]sandata ng
digmaan, bawat uri nito.
13 At sa gayon sila nakahan-
dang harapin ang mga Amlicita
sa panahon ng kanilang pagda-
ting. At may hinirang na mga
kapitan, at nakatataas na kapi-
tan, at punong kapitan alinsunod
sa kanilang bilang.
14 At ito ay nangyari na, na si-
nandatahan ni Amlici ang kan-
yang mga tauhan ng lahat ng
uri ng sandata ng digmaan ng
bawat uri nito; at siya ay naghi-
rang din ng mga tagapamahala
at pinuno sa kanyang mga tao,
upang pamunuan sila sa paki-
kidigma laban sa kanilang mga
kapatid.
15 At ito ay nangyari na, na
narating ng mga Amlicita ang
burol ng Amnahu, na nasa sila-
ngan ng [a]ilog Sidon, na duma-
daloy nang malapit sa [b]lupain
ng Zarahemla, at doon sila nag-
simulang makidigma sa mga
Nephita.
16 Ngayon si Alma, na siyang
[a]punong hukom at gobernador
ng mga tao ni Nephi, kaya nga,
siya ay umahong kasama ng
kanyang mga tao, oo, kasama

5*a* 3 Ne. 11:29.
11*a* Alma 3:4.
*b* Jac. 1:13–14;
Mos. 25:12;
Alma 3:11.
12*a* Mos. 10:8; Hel. 1:14.
15*a* Alma 3:3.
*b* Omni 1:13–15.
16*a* Mos. 29:42.

ng kanyang mga kapitan, at
punong kapitan, oo, sa unahan
ng kanyang mga hukbo, laban
sa mga Amlicita upang maki-
digma.
17 At sinimulang patayin nila
ang mga Amlicita sa burol sa
silangan ng Sidon. At ang mga
Amlicita ay nakipaglaban sa
mga Nephita nang buong lakas
kung kaya nga't marami sa
mga Nephita ang nagsibagsak
sa harapan ng mga Amlicita.
18 Gayon pa man, pinalakas
ng Panginoon ang kamay ng
mga Nephita, kung kaya't na-
patay nila ang mga Amlicita ng
masidhing pagkatay, kung ka-
ya't nagsimula silang magsita-
kas sa kanilang harapan.
19 At ito ay nangyari na, na ti-
nugis ng mga Nephita ang mga
Amlicita nang buong araw na
yaon, at pinatay sila nang may
labis na pagkatay, kung kaya
nga't may [a]napatay sa mga
Amlicita na labindalawang libo
limangdaan tatlumpu at dala-
wang katao; at may napatay sa
mga Nephita na anim na libo li-
mangdaan animnapu at dala-
wang katao.
20 At ito ay nangyari na, nang
hindi na matugis pa ni Alma
ang mga Amlicita ay pinagsi-
pagtayo niya ang kanyang mga
tao ng kanilang mga tolda sa
[a]lambak ng Gedeon, ang lam-
bak na tinawag alinsunod sa
yaong Gedeon na pinatay ng
mga kamay ni [b]Nehor sa pama-
magitan ng espada; at sa lam-
bak na ito nagtayo ang mga
Nephita ng kanilang mga tolda
para sa gabing yaon.
21 At si Alma ay nagsugo ng
mga tiktik upang sundan ang
labi ng mga Amlicita, upang
malaman niya ang kanilang
mga balak at kanilang mga pa-
kana, nang mabantayan niya
ang kanyang sarili laban sa
kanila, upang mapangalagaan
niya ang kanyang mga tao mula
sa pagkalipol.
22 Ngayon, yaong mga isinu-
go niya upang magmanman sa
kuta ng mga Amlicita ay tina-
tawag na Zeram, at Amnor, at
Manti, at Limher; sila yaong
mga humayong kasama ang
kanilang mga tauhan upang
magmanman sa kuta ng mga
Amlicita.
23 At ito ay nangyari na, na ki-
nabukasan sila ay nagsibalik sa
kuta ng mga Nephita na labis na
nagmamadali, labis na nanggi-
lalas, at nakadarama ng labis
na pagkatakot, sinasabing:
24 Masdan, aming sinundan
ang kuta ng mga [a]Amlicita, at
sa aming labis na panggigila-
las, sa lupain ng Minon, sa itaas
ng lupain ng Zarahemla, sa
daan patungo sa lupain ng
[b]Nephi, aming nakita ang na-
pakaraming hukbo ng mga
Lamanita; at masdan, ang mga
Amlicita ay umanib sa kanila;
25 At kanilang sinasalakay
ang ating mga kapatid sa lupa-
ing yaon; at sila ay nagsisitakas
sa kanilang harapan kasama

19*a* Alma 3:1–2, 26; 4:2.
20*a* Alma 6:7.
*b* Alma 1:7–15; 14:16.
24*a* Alma 3:4, 13–18.
*b* 2 Ne. 5:8.

ang kanilang mga kawan, at kanilang mga asawa, at kanilang mga anak, patungo sa ating lunsod; at maliban kung magmamadali tayo ay mapapasakanila ang ating lunsod, at ang ating mga ama, at ating mga asawa, at ating mga anak ay mapapatay.
26 At ito ay nangyari na, na dinala ng mga tao ni Nephi ang kanilang mga tolda, at nilisan ang lambak ng Gedeon patungo sa kanilang lunsod, na lunsod ng [a]Zarahemla.
27 At masdan, habang tinatawid nila ang ilog Sidon, ang mga Lamanita at ang mga Amlicita, na [a]halos kasindami, sa wari, ng mga buhangin sa dagat, ay sinalakay sila upang lipulin sila.
28 Gayon pa man, ang mga Nephita na [a]pinalakas ng kamay ng Panginoon, na nanalangin nang mataimtim sa kanya upang kanyang iligtas sila mula sa mga kamay ng kanilang mga kaaway, anupa't dininig ng Panginoon ang kanilang mga pagsusumamo, at pinalakas sila, at ang mga Lamanita at ang mga Amlicita ay nagsibagsak sa kanilang harapan.
29 At ito ay nangyari na, na nakipaglaban si Alma kay Amlici sa pamamagitan ng espada, nang harapan; at sila ay buong lakas na nakipaglaban sa isa't isa.
30 At ito ay nangyari na, na si Alma, na isang tao ng Diyos, na pinaiiral ang labis na [a]pananampalataya, ay nagsumamo, sinasabing: O, Panginoon, maawa at iligtas ang aking buhay, nang maging kasangkapan ako sa inyong mga kamay upang iligtas at pangalagaan ang mga taong ito.
31 Ngayon, nang sabihin ni Alma ang mga bagay na ito ay muli siyang nakipaglaban kay Amlici; at siya ay pinalakas, kung kaya nga't napatay niya si Amlici sa pamamagitan ng espada.
32 At siya ay nakipaglaban din sa hari ng mga Lamanita; subalit ang hari ng mga Lamanita ay tumakas mula sa harapan ni Alma at isinugo ang kanyang mga bantay upang makipaglaban kay Alma.
33 Subalit si Alma, kasama ang kanyang mga bantay, ay nakipaglaban sa mga bantay ng hari ng mga Lamanita hanggang sa kanyang mapatay at maitaboy silang pabalik.
34 At sa gayon kanyang pinalis ang lupa, o sa lalong maliwanag ang baybay, na nasa kanluran ng ilog Sidon, inihahagis ang mga katawan ng mga Lamanita na napatay sa mga tubig ng Sidon, nang sa gayon ang kanyang mga tao ay magkaroon ng puwang upang makatawid at makipaglaban sa mga Lamanita at sa mga Amlicita sa gawing kanluran ng ilog Sidon.
35 At ito ay nangyari na, nang

26*a* Omni 1:14, 18.
27*a* Jar. 1:6.
28*a* Deut. 31:6.
30*a* GBK Pananampalataya.

silang lahat ay nakatawid na sa
ilog Sidon na ang mga Lama-
nita at Amlicita ay nagsimu-
lang magsitakas mula sa kani-
lang harapan, sa kabila ng na-
pakarami nila kaya nga hindi
sila maaaring mabilang.
36 At sila ay nagsitakas sa ha-
rapan ng mga Nephita patungo
sa ilang sa kanluran at hilaga,
papalayo sa kabila ng mga
hangganan ng lupain; at tinugis
sila ng mga Nephita sa kanilang
lakas, at pinagpapatay sila.
37 Oo, sila ay sinalubong sa
lahat ng dako, at pinagpapa-
tay at itinaboy, hanggang sa
kumalat sila sa kanluran, at sa
hilaga, hanggang sa marating
nila ang ilang, na tinatawag na
Hermon; at ito yaong dako ng
ilang na pinamumugaran ng
mababangis at mga hayok na
hayop.
38 At ito ay nangyari na, na
marami ang namatay sa ilang
dahil sa kanilang mga sugat, at
sinila ng mga hayop na yaon at
gayon din ng mga buwitre ng
himpapawid; at ang kanilang
mga buto ay natagpuan, at na-
bunton sa lupa.

## KABANATA 3

*Minarkahan ng mga Amlicita ang kanilang sarili alinsunod sa iprinopesiyang salita—Ang mga Lamanita ay isinumpa dahil sa paghihimagsik nila—Ang mga tao na rin ang nagdadala sa kanilang sarili ng mga sumpa—Natalo ng mga Nephita ang isa pang hukbong Lamanita. Mga 87–86 B.C.*

At ito ay nangyari na, na ang
mga Nephita na hindi [a]napatay
ng mga sandata ng digmaan,
matapos mailibing yaong mga
napatay—ngayon, ang bilang
ng mga napatay ay hindi mabi-
lang, dahil sa kalakihan ng ka-
nilang bilang—matapos nilang
mailibing ang kanilang mga pa-
tay, silang lahat ay muling nag-
sibalik sa kanilang mga lupain,
at sa kanilang mga tahanan, at
kanilang mga asawa, at kani-
lang mga anak.
2 Ngayon, maraming babae at
bata ang napatay sa pamama-
gitan ng espada, at marami rin
sa kanilang mga kawan ng
tupa at kanilang mga baka; at
marami rin sa kanilang mga ta-
niman ng butil ang nawasak,
sapagkat niyapak-yapakan ang
mga ito ng maraming tao.
3 At ngayon kasindami ng
mga Lamanita at Amlicita ang
napatay sa baybay ng ilog Si-
don ay itinapon sa mga [a]tubig
ng Sidon; at masdan, ang kani-
lang mga buto ay nasa kailali-
man ng [b]dagat, at ang mga ito
ay marami.
4 At ang mga [a]Amlicita ay
nakilala mula sa mga Nephita,
sapagkat [b]minarkahan nila ang
sarili ng kulay pula sa kanilang
mga noo alinsunod sa mga
Lamanita; gayon pa man hindi
nila inahitan ang kanilang mga
ulo na tulad ng mga Lamanita.
5 Ngayon, ang mga ulo ng

**3** 1*a* Alma 2:19; 4:2.
*b* Alma 44:22.
*b* Alma 3:13–19.
3*a* Alma 2:15.
4*a* Alma 2:11.

mga Lamanita ay ahit; at sila'y
mga [a]nakahubad, maliban sa
balat na nakabigkis sa kanilang
mga balakang, at gayon din
ang kanilang mga baluti, na na-
kabigkis sa kanila, at kanilang
mga busog, at kanilang mga
palaso, at kanilang mga bato, at
kanilang mga tirador, at iba pa.
6 At ang balat ng mga Lama-
nita ay maiitim, alinsunod sa
markang itinakda sa kanilang
mga ama, na isang [a]sumpa sa
kanila dahil sa kanilang pagka-
kasala at kanilang paghihimag-
sik laban sa kanilang mga ka-
patid, na binubuo nina Nephi,
Jacob, at Jose, at Sam, na mga
makatarungan at banal na tao.
7 At hinangad ng kanilang
mga kapatid na lipulin sila,
kung kaya nga't sila ay isinum-
pa; at ang Panginoong Diyos
ay naglagay ng [a]marka sa kani-
la, oo, kina Laman at Lemuel,
at gayon din sa mga anak na la-
laki ni Ismael, at Ismaelitang
kababaihan.
8 At ito ay ginawa upang ma-
kilala ang binhi nila mula sa
binhi ng kanilang mga kapatid,
nang sa gayon mapangalagaan
ng Panginoong Diyos ang kan-
yang mga tao, upang hindi sila
[a]makihalubilo at maniwala sa
mga maling [b]kaugalian na ma-
ngangahulugan ng kanilang
pagkalipol.
9 At ito ay nangyari na, na sino
man ang ihalubilo ang kanyang
mga binhi sa mga Lamanita ay
nagdala ng gayon ding sumpa
sa kanyang mga binhi.
10 Kaya nga, sino man ang
magpahintulot sa kanyang sa-
rili na maakay palayo ng mga
Lamanita ay tinawag sa ilalim
ng gayong pangalan, at may
markang itinakda sa kanya.
11 At ito ay nangyari na, na
sino mang hindi maniwala sa
mga [a]kaugalian ng mga Lama-
nita, subalit naniniwala sa mga
yaong talaang dinala palabas
mula sa lupain ng Jerusalem, at
gayundin sa kaugalian ng ka-
nilang mga ama, na tama, na
naniwala sa mga kautusan ng
Diyos at sinusunod ang mga
ito, ay tinatawag na mga Ne-
phita, o ang mga tao ni Nephi,
magmula noon—
12 At sila yaong nag-ingat ng
mga talaan na siyang [a]totoo
tungkol sa kanilang mga tao, at
gayon din sa mga tao ng mga
Lamanita.
13 Ngayon muli tayong mag-
babalik sa mga Amlicita sapag-
kat may [a]marka ring inilagay
sa kanila; oo, inilagay nila ang
marka sa kanilang sarili, oo,
maging isang markang pula sa
kanilang mga noo.
14 Sa gayon natupad ang sali-
ta ng Diyos, sapagkat ito ang
mga salitang sinabi niya kay
Nephi: Masdan, ang mga La-

5*a* Enos 1:20; Mos. 10:8; Alma 42:18–21.
6*a* 2 Ne. 5:21; 26:33. GBK Sumpa, Mga Sumpa.
7*a* 1 Ne. 12:23.
8*a* GBK Kasal, Pagpapakasal—Pagpapakasal sa hindi kasampalataya.
*b* Mos. 10:11–18; Alma 9:16.
11*a* Alma 17:9–11.
12*a* Mos. 1:6; Eter 4:6–11.
13*a* Alma 3:4.

manita ay isinumpa ko, at ako
ay maglalagay ng marka sa kanila upang sila at ang kanilang mga binhi ay maihiwalay mula sa iyo at sa iyong mga binhi, simula ngayon at magpakailanman, maliban kung sila ay magsisisi sa kanilang mga kasamaan at [a]bumaling sa akin upang ako ay maawa sa kanila.
15 At muli: Ako ay maglalagay ng marka sa kanya na inihahalubilo ang kanyang mga binhi sa iyong mga kapatid, upang sila ay maisumpa rin.
16 At muli: Ako ay maglalagay ng marka sa kanya na kumakalaban sa iyo at sa iyong mga binhi.
17 At muli, sinasabi ko na siya na tumalikod sa iyo ay hindi na tatawagin pang iyong mga binhi; at pagpapalain kita, at ang sino mang tatawaging iyong mga binhi, simula ngayon at magpakailanman; at ito ang mga pangako ng Panginoon kay Nephi at sa kanyang mga binhi.
18 Ngayon hindi nalalaman ng mga Amlicita na tinutupad nila ang mga salita ng Diyos nang simulang markahan nila ang sarili sa kanilang mga noo; gayon pa man, sila ay lantarang [a]naghimagsik laban sa Diyos; kung kaya nga't ang sumpa ay kinailangang mapasakanila.
19 Ngayon nais kong inyong makita na sila ang nagdala sa kanilang sarili ng [a]sumpa; at gayon din, ang bawat taong isinumpa ang siya na ring nagdala sa kanyang sarili ng sarili niyang pagkakasumpa.
20 Ngayon ito ay nangyari na, na hindi pa lumilipas ang maraming araw matapos ang digmaang pinaglabanan sa lupain ng Zarahemla, ng mga Lamanita at ng mga Amlicita, na may isa pang hukbo ng mga Lamanita ang sumalakay sa mga tao ni Nephi, sa [a]yaon ding lugar kung saan nakadigma ng unang hukbo ang mga Amlicita.
21 At ito ay nangyari na, na may hukbong ipinadala upang itaboy silang palabas ng kanilang lupain.
22 Ngayon, si Alma rin na pinahirapan ng [a]sugat ay hindi umahon sa digmaan sa panahong ito laban sa mga Lamanita;
23 Subalit siya ay nagpadala ng napakaraming hukbo laban sa kanila; at sila ay umahon at pinatay ang marami sa mga Lamanita, at itinaboy ang nalalabi sa kanila palabas ng mga hangganan ng kanilang lupain.
24 At pagkatapos, sila ay muling nagbalik at nagsimulang itatag ang kapayapaan sa lupain, na hindi na ginagambala ng ilang panahon ng kanilang mga kaaway.
25 Ngayon, ang lahat ng bagay na ito ay naganap, oo, lahat ng digmaan at alitang ito ay nagsimula at nagtapos sa ikalimang taon ng panunungkulan ng mga hukom.
26 At sa loob ng isang taon ay libu-libo at sampu-sampung li-

14*a* 2 Ne. 30:4–6.
18*a* 4 Ne. 1:38. GBK Paghihimagsik.
19*a* 2 Ne. 5:21–25; Alma 17:15.
20*a* Alma 2:24.
22*a* Alma 2:29–33.

bong kaluluwa ang ipinadala
sa walang hanggang daigdig,
upang anihin nila ang kanilang
mga [a]gantimpala alinsunod sa
kanilang mga gawa, maging
mabuti man o masama, upang
umani ng walang hanggang
kaligayahan o walang hang-
gang kalungkutan, alinsunod
sa espiritung kanilang piniling
sundin, kung ito man ay mabu-
ting espiritu o masama.
27 Sapagkat tinatanggap ng
bawat tao ang [a]kabayaran mula
sa kanya na pinili niyang [b]sun-
din, at ito ay ayon sa mga salita
ng diwa ng propesiya; kaya
nga, ito ay mangyayari alinsu-
nod sa katotohanan. At sa gayon
nagtapos ang ikalimang taon ng
panunungkulan ng mga hukom.

## KABANATA 4

*Si Alma ay nagbinyag ng libu-libong nagbalik-loob—Napasukan ng kasamaan ang Simbahan, at ang pag-unlad ng Simbahan ay naantala—Si Nefihas ay hinirang na punong hukom—Si Alma, bilang mataas na saserdote, ay iniukol ang kanyang sarili sa ministeryo. Mga 86–83* B.C.

NGAYON ito ay nangyari na, na
sa ikaanim na taon ng panu-
nungkulan ng mga hukom sa
mga tao ni Nephi, na hindi nag-
karoon ng alitan ni mga digma-
an sa [a]lupain ng Zarahemla;
2 Subalit ang mga tao ay nahi-
rapan, oo, nahirapan nang labis
dahil sa [a]pagkawala ng kanilang
mga kapatid, at gayon din sa
pagkawala ng kanilang mga
kawan ng tupa at baka, at ga-
yon din sa pagkawala ng kani-
lang mga taniman ng butil, na
niyapak-yapakan ng mga paa
at winasak ng mga Lamanita.
3 At labis ang kanilang mga
paghihirap kung kaya't ang ba-
wat kaluluwa ay may dahilan
upang magdalamhati; at pina-
niwalaan nila na ito ay mga ka-
hatulan ng Diyos na ipinadala
sa kanila dahil sa kanilang ka-
samaan at mga karumal-dumal
na gawain; anupa't, sila ay na-
gising sa pag-alaala sa kani-
lang tungkulin.
4 At sinimulan nilang itatag
ang simbahan nang lubusan;
oo, at marami ang [a]bininyagan
sa mga tubig ng Sidon at suma-
pi sa simbahan ng Diyos; oo,
sila ay nabinyagan ng mga ka-
may ni Alma, na itinalagang
[b]mataas na saserdote sa mga
tao ng simbahan, ng kamay ng
kanyang amang si Alma.
5 At ito ay nangyari na, na sa
ikapitong taon ng panunung-
kulan ng mga hukom ay may
mga tatlong libo limangdaang
katao ang isinapi ang kanilang
sarili sa [a]simbahan ng Diyos at
bininyagan. At sa gayon nagta-
pos ang ikapitong taon ng pa-
nunungkulan ng mga hukom

26*a* GBK Gawa, Mga.
27*a* Mos. 2:31–33; Alma 5:41–42.
*b* Rom. 6:16; Hel. 14:29–31. GBK Pagsunod, Masunurin, Sumunod.
**4** 1*a* Omni 1:12–19.
2*a* Alma 2:19; 3:1–2, 26.
4*a* Mos. 18:10–17.
*b* Mos. 29:42.
5*a* Mos. 25:18–23; 3 Ne. 26:21.

sa mga tao ni Nephi; at nagka-
roon ng patuloy na kapayapa-
an sa buong panahong yaon.
6 At ito ay nangyari na, na sa
ikawalong taon ng panunung-
kulan ng mga hukom, na ang
mga tao ng simbahan ay nagsi-
mulang maging palalo, dahil sa
kanilang labis na [a]kayamanan,
at kanilang [b]maiinam na sutla,
at kanilang maiinam na hina-
bing lino, at dahil sa kanilang
maraming kawan ng tupa at
baka, at kanilang ginto at kani-
lang pilak, at lahat ng uri ng
mahahalagang bagay, na kani-
lang natamo sa pamamagitan
ng kanilang kasipagan; at sa la-
hat ng bagay na ito ay naiangat
sila sa kapalaluan ng kanilang
mga paningin, sapagkat sila ay
nagsimulang magbihis ng na-
pakamamahaling kasuotan.
7 Ngayon, ito ang dahilan ng
labis na paghihirap ni Alma,
oo, at ng marami sa mga taong
[a]itinalaga ni Alma na maging
mga guro, at saserdote, at elder
ng simbahan; oo, marami sa
kanila ang labis na nagdalam-
hati dahil sa kasamaang nakita
nilang nagsimula sa kanilang
mga tao.
8 Sapagkat nakita nila at na-
pagmasdan sa labis na kalung-
kutan na ang mga tao ng sim-
bahan ay nagsimulang iangat
sa [a]kapalaluan ng kanilang mga
paningin, at inilagak ang kani-
lang mga puso sa mga kayama-
nan at sa mga walang kabulu-
hang bagay ng daigdig, kung
kaya't sila ay nagsimulang ma-
ging mapanlibak sa isa't isa, at
sinimulan nilang usigin yaong
[b]hindi naniniwala alinsunod sa
kanilang sariling kagustuhan
at kasiyahan.
9 At sa gayon, sa ikawalong
taong ito ng panunungkulan
ng mga hukom, nagsimulang
magkaroon ng malaking [a]ali-
tan sa mga tao ng simbahan;
oo, nagkaroon ng mga [b]inggi-
tan, at sigalutan, at masamang
hangarin, at mga pag-uusig, at
kapalaluan, maging hanggang
sa mahigitan ang kapalaluan
ng mga yaong hindi kabilang
sa simbahan ng Diyos.
10 At sa gayon nagtapos ang
ikawalong taon ng panunung-
kulan ng mga hukom; at ang
kasamaan ng simbahan ay isang
malaking batong kinatitisuran
ng mga yaong hindi kabilang
sa simbahan; at sa gayon nagsi-
mulang maantala ang simba-
han sa pag-unlad nito.
11 At ito ay nangyari na, na sa
pagsisimula ng ikasiyam na
taon, nakita ni Alma ang kasa-
maan ng simbahan, at nakita
rin niya na ang [a]halimbawa ng
simbahan ay nagsimulang aka-
yin yaong mga hindi naniniwa-
la mula sa isang paggawa ng
kasamaan sa isa pa, sa gayon
dinadala sa pagkawasak ang
mga tao.
12 Oo, nakita niya ang ma-
laking hindi pagkakapantay-

6*a* GBK Kayamanan.
*b* Alma 1:29.
7*a* GBK Karapatan.
8*a* GBK Kapalaluan; Kawalang-kabuluhan, Walang Kabuluhan.
*b* Alma 1:21.
9*a* GBK Kaguluhan.
*b* GBK Inggit.
11*a* 2 Sam. 12:14; Alma 39:11.

pantay ng mga tao, iniaangat ng ilan ang kanilang sarili sa kanilang kapalaluan, hinahamak ang iba, tinatalikuran ang [a]nangangailangan at ang hubad at yaong mga [b]nagugutom, at yaong mga nauuhaw, at yaong mga may karamdaman at naghihirap.

13 Ngayon, ito ay isang malaking dahilan ng pananaghoy sa mga tao, samantalang hinahamak ng iba ang kanilang sarili, tinutulungan yaong mga nangangailangan ng kanilang tulong, katulad ng [a]pamamahagi ng kanilang kabuhayan sa mga maralita at nangangailangan, pinakakain ang nagugutom, at nagdaranas ng lahat ng uri ng [b]paghihirap, dahil kay [c]Cristo, na paparito ayon sa diwa ng propesiya;

14 Tumatanaw sa araw na yaon, sa gayon [a]pinananatili ang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan; na napuspos ng labis na [b]kagalakan dahil sa pagkabuhay na mag-uli ng mga patay, alinsunod sa kalooban at kapangyarihan at pagpapalaya ni Jesucristo mula sa mga gapos ng kamatayan.

15 At ngayon ito ay nangyari na, na si Alma, matapos makita ang mga paghihirap ng mga mapagpakumbabang tagasunod ng Diyos, at ang mga pag-uusig na ibinunton sa kanila ng mga nalalabi sa kanyang mga tao, at nakikita ang lahat ng kanilang [a]hindi pagkakapantay-pantay, ay nagsimulang labis na malungkot; gayon pa man, siya ay hindi binigo ng Espiritu ng Panginoon.

16 At siya ay pumili ng isang matalinong lalaki na nasa mga elder ng simbahan, at binigyan siya ng kapangyarihan alinsunod sa [a]tinig ng mga tao, upang siya ay magkaroon ng kapangyarihang magpatibay ng mga [b]batas alinsunod sa mga batas na ibinigay at upang ipatupad ang mga yaon alinsunod sa kasamaan at kasalanan ng mga tao.

17 Ngayon, ang pangalan ng lalaking ito ay Nefihas, at siya ay hinirang na [a]punong hukom; at siya ay umupo sa hukumang-luklukan upang hatulan at pamahalaan ang mga tao.

18 Ngayon hindi ipinagkaloob sa kanya ni Alma ang katungkulan ng pagiging mataas na saserdote ng simbahan, kundi pinanatili niya ang katungkulan ng mataas na saserdote sa kanyang sarili; subalit kanyang ipinaubaya ang hukumang-luklukan kay Nefihas.

19 At ito ay ginawa niya upang [a]siya rin ay makatungo sa kanyang mga tao, o sa mga tao ni Nephi, upang maipangaral niya ang [b]salita ng Diyos sa

12*a* Is. 3:14; Jac. 2:17.
*b* Mos. 4:26.
13*a* GBK Limos, Paglilimos.
*b* GBK Pagdurusa.
*c* 2 Cor. 12:10.
14*a* Mos. 4:12; Alma 5:26–35. GBK Pagbibigay-katwiran, Pangatwiranan.
*b* GBK Kagalakan.
15*a* D at T 38:27; 49:20.
16*a* Alma 2:3–7.
*b* Alma 1:1, 14, 18.
17*a* Alma 50:37.
19*a* Alma 7:1.
*b* Alma 31:5; D at T 11:21–22.

kanila, upang [c]pukawin sila sa [d]pag-aalaala sa kanilang tungkulin, at upang mahila niyang pababa, sa pamamagitan ng salita ng Diyos, ang lahat ng kapalaluan at katusuhan at lahat ng alitang umiiral sa kanyang mga tao, nakikitang walang paraan upang kanyang mabawi sila maliban sa pagpapatotoo ng dalisay na [e]patotoo laban sa kanila.
20 At sa gayon sa pagsisimula ng ikasiyam na taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi, ipinaubaya ni Alma kay [a]Nefihas ang hukumang-luklukan, at lubos na iniukol ang kanyang sarili sa [b]mataas na pagkasaserdote ng banal na orden ng Diyos, para sa patotoo ng salita, alinsunod sa diwa ng paghahayag at propesiya.

---

Ang mga salita ni Alma, ang Mataas na Saserdote, alinsunod sa banal na orden ng Diyos, na ipinahayag sa mga tao sa kanilang mga lunsod at nayon sa lahat ng dako ng lupain.

*Binubuo ng kabanata 5.*

## KABANATA 5

*Upang matamo ang kaligtasan, ang tao ay kailangang magsisi at sundin ang mga kautusan, isilang na muli, linisin ang kanilang mga kasuotan sa pamamagitan ng dugo ni Cristo, maging mapagpakumbaba at iwaksi sa kanilang sarili ang kapalaluan at inggit, at gumawa ng mga gawa ng kabutihan—Ang Mabuting Pastol ay nananawagan sa kanyang mga tao—Sila na gumagawa ng masasamang gawa ay mga anak ng diyablo—Si Alma ay nagpatotoo sa katotohanan ng kanyang doktrina at inutusan ang mga taong magsisi—Ang mga pangalan ng mabubuti ay masusulat sa aklat ng buhay. Mga 83 B.C.*

NGAYON ito ay nangyari na, na si Alma ay nagsimulang [a]ipahayag ang salita ng [b]Diyos sa mga tao, una sa lupain ng Zarahemla, at buhat doon patungo sa lahat ng dako ng buong lupain.
2 At ito ang mga salitang kanyang sinabi sa mga tao ng simbahan na itinatag sa lunsod ng Zarahemla, ayon sa kanyang sariling talaan, sinasabing:
3 Ako, si Alma, matapos na [a]maitalaga ng aking amang si Alma na maging isang [b]mataas na saserdote ng simbahan ng Diyos, siya na nagtataglay ng kapangyarihan at [c]karapatan mula sa Diyos na gawin ang mga bagay na ito, masdan, sinasabi ko sa inyo na siya ay nagsimulang magtatag ng simbahan sa [d]lupain na nasa mga hangganan ng Nephi; oo, ang lupaing tinatawag na lupain ng

19*c* Enos 1:23.
*d* Mos. 1:17; Hel. 12:3.
*e* GBK Patotoo.
20*a* Alma 8:12.
*b* Mos. 29:42; Alma 5:3, 44, 49.
**5** 1*a* Alma 4:19.
*b* Alma 5:61.
3*a* GBK Ordenan, Pag-oorden.
*b* Alma 4:4, 18, 20.
*c* Mos. 18:13; 3 Ne. 11:25.
*d* Mos. 18:4; 3 Ne. 5:12.

Mormon; oo, at bininyagan niya
ang kanyang mga kapatid sa
mga tubig ng Mormon.
4 At masdan, sinasabi ko sa
inyo, sila ay [a]naligtas mula sa
kamay ng mga tao ni haring
Noe sa pamamagitan ng awa at
kapangyarihan ng Diyos.
5 At masdan, pagkatapos ni-
yon, sila ay dinala sa [a]pagkaali-
pin ng mga kamay ng mga
Lamanita sa ilang; oo, sinasabi
ko sa inyo, sila ay nasa pagkabi-
hag, at muli silang pinalaya ng
Panginoon mula sa kanilang
[b]pagkaalipin sa kapangyarihan
ng kanyang salita; at kami ay
dinala sa lupaing ito, at dito ay
sinimulan naming magtatag ng
simbahan ng Diyos sa lahat ng
dako ng lupain ding ito.
6 At ngayon masdan, sinasa-
bi ko sa inyo, aking mga ka-
patid, kayo na nabibilang sa
simbahang ito, napanatili ba
ninyo nang husto sa inyong ala-
ala ang pagkabihag ng inyong
mga ama? Oo, at napanatili ba
ninyo nang husto sa inyong
alaala ang kanyang awa at ma-
habang pagtitiis para sa kanila?
At bukod doon, napanatili ba
ninyo nang husto sa inyong
alaala na kanyang iniligtas ang
kanilang mga kaluluwa mula
sa impiyerno?
7 Masdan, pinagbago niya ang
kanilang mga puso; oo, sila ay
ginising niya mula sa mahim-
bing na pagkakatulog, at sila ay
nagising sa Diyos. Masdan, sila
ay nasa gitna ng kadiliman; ga-
yunpaman, ang kanilang mga
kaluluwa ay naliwanagan sa pa-
mamagitan ng liwanag ng wa-
lang hanggang salita; oo, sila ay
nagapos ng mga [a]gapos ng ka-
matayan, at ng mga [b]tanikala ng
impiyerno, at ang walang hang-
gang pagkawasak ay naghintay
sa kanila.
8 At ngayon tinatanong ko
kayo, aking mga kapatid, sila ba
ay nalipol? Masdan, sinasabi ko
sa inyo, Hindi sila nalipol.
9 At muli, aking itinatanong,
ang mga gapos ba ng kamata-
yan ay nalagot, at ang mga tani-
kala ng impiyerno na nakaga-
pos sa kanila, ito ba ay nakalag?
Sinasabi ko sa inyo, Oo, ang
mga ito ay nakalag at ang kani-
lang mga kaluluwa ay labis na
naligayahan at sila ay umawit
ng mapagtubos na pag-ibig. At
sinasabi ko sa inyo na sila ay
nangaligtas.
10 At ngayon itinatanong ko sa
inyo kung sa anong kalagayan
sila [a]nangaligtas? Oo, anong ba-
tayan mayroon sila upang uma-
sa ng kaligtasan? Ano ang dahi-
lan ng kanilang pagkakakalag
mula sa mga gapos ng kamata-
yan, oo, at gayundin sa mga ta-
nikala ng impiyerno?
11 Masdan, masasabi ko sa
inyo—hindi ba't ang aking
amang si Alma ay naniwala sa
mga salitang ipinahayag ng bi-
big ni [a]Abinadi? At hindi ba't
siya ay isang banal na propeta?

4*a* Mos. 23:1–3.
5*a* Mos. 23:37–39; 24:8–15.
*b* Mos. 24:17.
7*a* Mos. 15:8.
*b* Alma 12:11; D at T 138:23.
10*a* GBK Kaligtasan; Plano ng Pagtubos.
11*a* Mos. 17:1–4.

Hindi ba't siya ay nangusap ng mga salita ng Diyos, at ang aking amang si Alma ay naniwala rito?
12 At alinsunod sa kanyang pananampalataya, isang malaking [a]pagbabago ang nangyari sa kanyang puso. Masdan, sinasabi ko sa inyo na ang lahat ng ito ay totoo.
13 At masdan, [a]ipinangaral niya ang salita sa inyong mga ama, at isa ring malaking pagbabago ang nangyari sa kanilang mga puso, at sila ay nagpakumbaba ng kanilang sarili at ibinigay ang kanilang [b]pagtitiwala sa totoo at [c]buhay na Diyos. At masdan, sila ay matatapat hanggang [d]wakas; kaya't sila ay nangaligtas.
14 At ngayon masdan, itinatanong ko sa inyo, aking mga kapatid sa simbahan, kayo ba ay espirituwal na [a]isinilang sa Diyos? Inyo bang tinanggap ang kanyang larawan sa inyong mga mukha? Inyo bang naranasan ang malaking [b]pagbabagong ito sa inyong mga puso?
15 Ginagamit ba ninyo ang inyong pananampalataya sa pagkakatubos niya na [a]lumikha sa inyo? Kayo ba ay umaasa nang may mata ng pananampalataya at nakikita ang may kamatayang katawang ito na ibinabangon sa kawalang-kamatayan, at ang kabulukang ito na [b]ibinabangon sa kawalang-kabulukan, na tumayo sa harapan ng Diyos upang [c]hatulan alinsunod sa mga gawang kanilang ginawa sa katawang-lupa?
16 Sinasabi ko sa inyo, naiisip ba ninyo sa inyong sarili na naririnig ninyo ang tinig ng Panginoon, na sinasabi sa inyo sa araw na yaon: Lumapit sa akin kayong mga [a]pinagpala, sapagkat masdan, ang inyong mga gawa ay mga gawa ng kabutihan sa balat ng lupa.
17 O iniisip ba ninyo sa inyong sarili na kayo ay makapagsisinungaling sa Panginoon sa araw na yaon, at [a]makapagsasabing—Panginoon, ang aming mga gawa ay naging mabubuting gawa sa balat ng lupa—at sa gayon ililigtas niya kayo?
18 O kaya naman, naiisip ba ninyo ang inyong sarili na dinala sa harapan ng hukuman ng Diyos, na ang inyong mga kaluluwa ay puno ng pagkakasala at paggigiyagis, na may alaala ng lahat ng inyong pagkakasala, oo, isang ganap na [a]alaala ng lahat ng inyong kasamaan, oo, isang alaala na inyong ginawang labagin ang mga kautusan ng Diyos?

12*a* GBK Pagbabalik-loob, Nagbalik-loob.
13*a* Mos. 18:7.
*b* GBK Pagtitiwala.
*c* Morm. 9:28; D at T 20:19.
*d* GBK Makapagtiis.
14*a* Mos. 27:24–27; Alma 22:15. GBK Isilang na Muli, Isinilang sa Diyos.
*b* Rom. 8:11–17; Mos. 5:2; Moi. 6:65. GBK Pagbabalik-loob, Nagbalik-loob.
15*a* GBK Likha, Paglikha.
*b* GBK Pagkabuhay na Mag-uli.
*c* GBK Paghuhukom, Ang Huling.
16*a* Mat. 25:31–46.
17*a* 3 Ne. 14:21–23.
18*a* Ez. 20:43; 2 Ne. 9:14; Mos. 3:25; Alma 11:43.

19 Sinasabi ko sa inyo, kayo
ba ay makatitingala sa Diyos sa
araw na yaon nang may dalisay
na puso at malinis na mga ka-
may? Sinasabi ko sa inyo, kayo
ba ay makatitingala na ang [a]la-
rawan ng Diyos ay nakaukit sa
inyong mga mukha?
20 Sinasabi ko sa inyo, kayo
ba ay nag-aakalang maliligtas
kung naisuko ninyo ang sarili
na maging mga [a]sakop ng di-
yablo?
21 Sinasabi ko sa inyo, malala-
man ninyo sa mga araw na yaon
na kayo ay hindi [a]maliligtas;
sapagkat walang sino mang tao
ang maliligtas maliban kung
ang kanyang mga [b]kasuotan ay
nahugasang maputi; oo, ang
kanyang mga kasuotan ay ka-
ilangang [c]dalisayin hanggang
sa ito ay maging malinis sa la-
hat ng dumi, sa pamamagitan
ng dugo niya na siyang sinasabi
ng ating mga ama, na paparito
upang tubusin ang kanyang
mga tao mula sa kanilang mga
kasalanan.
22 At ngayon tinatanong ko
kayo, aking mga kapatid, ano
ang madarama ng sino man sa
inyo, kung kayo ay tatayo sa ha-
rapan ng hukuman ng Diyos,
na ang inyong mga kasuotan
ay nabahiran ng [a]dugo at ng la-
hat ng uri ng [b]karumihan? Mas-
dan, ano ang patototohanan
ng mga bagay na ito laban sa
inyo?
23 Masdan, hindi ba't [a]patoto-
tohanan nito na kayo ay mga
mamamatay-tao, oo, at kayo rin
ay nagkasala ng lahat ng uri ng
kasamaan?
24 Masdan, aking mga kapa-
tid, inaakala ba ninyo na ang
gayon ay magkakaroon ng lu-
gar upang umupo sa kaharian
ng Diyos, kasama ni [a]Abra-
ham, kasama ni Isaac, at kasa-
ma ni Jacob, at gayundin ng la-
hat ng banal na propeta, na ang
mga kasuotan ay nangalinis at
walang bahid-dungis, dalisay
at maputi?
25 Sinasabi ko sa inyo, Hindi;
maliban kung gawin ninyong
isang sinungaling ang ating Lu-
mikha mula sa simula, o inaaka-
la na siya ay isang sinungaling
mula sa simula, hindi ninyo ma-
ipalalagay na ang gayon ay
magkakaroon ng lugar sa kaha-
rian ng langit; kundi sila ay ita-
takwil sapagkat sila ang mga
[a]anak ng kaharian ng diyablo.
26 At ngayon masdan, sinasabi
ko sa inyo, aking mga kapatid,
kung inyo nang naranasan ang
[a]pagbabago ng puso, at kung
inyo nang nadama ang umawit
ng [b]awit ng mapagtubos na pag-
ibig, itinatanong ko, [c]nadarama
ba ninyo ang gayon ngayon?
27 Kayo ba ay lumakad na pi-

19*a* 1 Juan 3:1–3.
20*a* Mos. 2:32.
21*a* GBK Kaligtasan.
*b* 1 Ne. 12:10; Alma 13:11–13; 3 Ne. 27:19–20.
*c* GBK Dalisay, Kadalisayan.
22*a* Is. 59:3.
*b* GBK Marumi, Karumihan.
23*a* Is. 59:12.
24*a* Lu. 13:28.
25*a* 2 Ne. 9:9.
26*a* GBK Pagbabalik-loob, Nagbalik-loob.
*b* Alma 26:13.
*c* Mos. 4:12; D at T 20:31–34.

nananatiling [a]walang sala ang
inyong sarili sa harapan ng
Diyos? Masasabi ba ninyo sa
inyong sarili, kung kayo ay ta-
tawaging mamatay sa mga san-
daling ito, na kayo ay naging
sapat na [b]mapagpakumbaba?
Na ang inyong mga kasuotan
ay nalinis at nagawang maputi
sa pamamagitan ng dugo ni
Cristo, na paparito upang [c]tubu-
sin ang kanyang mga tao mula
sa kanilang mga kasalanan?
28 Masdan, nahubad na ba sa
inyo ang [a]kapalaluan? Sinasabi
ko sa inyo, kung hindi, kayo ay
hindi pa nakahandang huma-
rap sa Diyos. Masdan, kayo ay
kailangang maghanda nang ma-
bilis; sapagkat ang kaharian ng
langit ay nalalapit na, at ang
gayon ay walang buhay na wa-
lang hanggan.
29 Masdan, sinasabi ko, may-
roon bang isa man sa inyo na
hindi pa nahuhubaran ng [a]ing-
git? Sinasabi ko sa inyo, na ang
gayon ay hindi nakahanda; at
nais ko na siya ay maghanda
nang mabilis, sapagkat ang oras
ay malapit na; at hindi niya na-
lalaman kung kailan darating
ang sandali, sapagkat ang ga-
yon ay hindi matatagpuang wa-
lang kasalanan.
30 At muli sinasabi ko sa inyo,
mayroon bang isa man sa inyo
na gumagawa ng [a]pangungutya
sa kanyang kapatid, o ibinu-
bunton sa kanya ang mga pag-
uusig?
31 Sa aba sa gayon, sapagkat
hindi siya nakahanda, at ang
panahon ay nalalapit na, na ka-
ilangan niyang magsisi o siya
ay hindi maliligtas!
32 Oo, maging sa aba ninyong
lahat na [a]manggagawa ng kasa-
maan; magsisi, magsisi, sapag-
kat ang Panginoong Diyos ang
nagsalita nito!
33 Masdan, siya ay nagpadala
ng paanyaya sa [a]lahat ng tao, sa-
pagkat ang mga [b]bisig ng awa
ay nakaunat sa kanila, at kan-
yang sinabi: Magsisi, at akin ka-
yong tatanggapin.
34 Oo, kanyang sinabi: [a]Luma-
pit sa akin at kayo ay makababa-
hagi sa [b]bunga ng punungkahoy
ng buhay; oo, kayo ay [c]mala-
yang makakakain at makaiinom
ng [d]tinapay at ng mga tubig ng
buhay;
35 Oo, lumapit sa akin at gu-
mawa ng mga gawa ng kabuti-
han at hindi kayo puputulin at
ihahagis sa apoy—
36 Sapagkat masdan, ang pa-
nahon ay nalalapit na, na ang
sino mang hindi [a]namumunga
ng mabuting bunga, o ang sino
mang hindi gumagawa ng mga
gawa ng kabutihan, siya rin ay

27*a* GBK Pagbibigay-katwiran, Pangatwiranan.
*b* GBK Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba.
*c* GBK Tubos, Tinubos, Pagtubos.
28*a* GBK Kapalaluan.
29*a* GBK Inggit.
30*a* GBK Pagsasalita nang Masama.
32*a* Awit 5:5.
33*a* Alma 19:36; 3 Ne. 18:25.
*b* Jac. 6:5; 3 Ne. 9:14.
34*a* 2 Ne. 26:24–28; 3 Ne. 9:13–14.
*b* 1 Ne. 8:11; 15:36.
*c* 2 Ne. 9:50–51; Alma 42:27.
*d* GBK Tinapay ng Buhay.
36*a* Mat. 3:10; 7:15–20; 3 Ne. 14:19; D at T 97:7.

may dahilan upang managhoy
at magdalamhati.
37 O kayong mga mangga-
gawa ng kasamaan; kayong nagmamataas sa mga [a]walang kabuluhang bagay ng daigdig, kayo na nagkukunwaring nakaaalam sa mga landas ng kabutihan, gayunman ay mga [b]nangaligaw, na tulad ng mga [c]tupang walang pastol, sa kabila nang ang pastol ay [d]tumawag sa inyo, at tumatawag pa rin sa inyo, subalit ayaw kayong [e]makinig sa kanyang tinig!
38 Masdan, sinasabi ko sa inyo,
na ang mabuting [a]pastol ay tumatawag sa inyo; oo, at sa kanyang sariling pangalan kayo ay tinatawag niya, na ang pangalan ay Cristo; at kung hindi kayo [b]makikinig sa tinig ng [c]mabuting pastol, sa [d]pangalang itinatawag sa inyo, masdan, kayo ay hindi mga tupa ng mabuting pastol.
39 At ngayon, kung kayo ay
hindi mga tupa ng mabuting pastol, saang [a]kawan kayo kabilang? Masdan, sinasabi ko sa inyo, na ang [b]diyablo ang inyong pastol, at kayo ay kabilang sa kanyang kawan; at ngayon, sino ang makapagkakaila nito? Masdan, sinasabi ko sa inyo, ang sino mang magkaila nito ay isang [c]sinungaling at isang [d]anak ng diyablo.
40 Sapagkat sinasabi ko sa
inyo na ano mang [a]mabuti ay nagbubuhat sa Diyos; at ano mang masama ay nagbubuhat sa diyablo.
41 Anupa't kung ang isang tao
ay gumagawa ng [a]mabubuting gawa, siya ay nakikinig sa tinig ng mabuting pastol, at siya ay sumusunod sa kanya; subalit sino man ang gumagawa ng masasamang gawa, siya rin ay nagiging isang [b]anak ng diyablo, sapagkat siya ay nakikinig sa kanyang tinig, at sumusunod sa kanya.
42 At sino man ang gumagawa
nito ay kailangang tumanggap ng kanyang [a]kabayaran mula sa kanya; kaya nga, para sa kanyang [b]kabayaran siya ay tatanggap ng [c]kamatayan, sa mga bagay na nauukol sa kabutihan, sapagkat patay sa lahat ng mabubuting gawa.
43 At ngayon, aking mga kapa-
tid, nais kong pakinggan ninyo ako, sapagkat ako ay nagsasalita sa lakas ng aking kaluluwa; sapagkat masdan, ako ay nagsalita sa inyo nang malinaw upang kayo ay huwag magkamali, o nagsalita alinsunod sa kautusan ng Diyos.

37*a* GBK Kawalang-kabuluhan, Walang Kabuluhan.
*b* 2 Ne. 12:5; 28:14; Mos. 14:6.
*c* Mat. 9:36.
*d* Kaw. 1:24–27; Is. 65:12.
*e* Jer. 26:4–5; Alma 10:6.
38*a* GBK Mabuting Pastol.
*b* Lev. 26:14–20; D at T 101:7.
*c* 3 Ne. 15:24; 18:31.
*d* Mos. 5:8; Alma 34:38.
39*a* Mat. 6:24; Lu. 16:13.
*b* Mos. 5:10. GBK Diyablo.
*c* 1 Juan 2:22.
*d* 2 Ne. 9:9.
40*a* Omni 1:25; Eter 4:12; Moro. 7:12, 15–17.
41*a* 3 Ne. 14:16–20. GBK Gawa, Mga.
*b* Mos. 16:3–5; Alma 11:23.
42*a* Alma 3:26–27; D at T 29:45.
*b* Rom. 6:23.
*c* Hel. 14:16–18. GBK Kamatayan, Espirituwal na.

44 Sapagkat ako ay tinawag na magsalita sa ganitong paraan, alinsunod sa [a]banal na orden ng Diyos na na kay Cristo Jesus; oo, ako ay inutusang tumayo at magpatotoo sa mga taong ito ng mga bagay na sinabi ng ating mga ama hinggil sa mga bagay na darating.

45 At hindi lamang ito. Hindi ba ninyo inaakala na [a]alam ko ang mga bagay na ito sa aking sarili? Masdan, ako ay nagpapatotoo sa inyo na alam ko na ang mga bagay na aking sinabi ay totoo. At paano ninyo inaakala na alam ko ang kanilang katiyakan?

46 Masdan, sinasabi ko sa inyo na ang mga yaon ay [a]ipinaalam sa akin ng Banal na Espiritu ng Diyos. Masdan, ako ay [b]nag-ayuno at nanalangin nang maraming araw upang aking malaman ang mga bagay na ito sa aking sarili. At ngayon nalalaman ko sa aking sarili na ang mga yaon ay totoo; sapagkat ang Panginoong Diyos ang nagbigay-alam nito sa akin sa pamamagitan ng kanyang Banal na Espiritu; at ito ang diwa ng [c]paghahayag na nasa akin.

47 At bukod dito, sinasabi ko sa inyo na ito ay sa gayon ipinahayag sa akin, na ang mga salitang sinabi ng ating mga ama ay totoo, maging alinsunod sa diwa ng propesiya na nasa akin, na siya ring ipinahayag ng Espiritu ng Diyos.

48 Sinasabi ko sa inyo, na alam ko sa aking sarili na anuman ang aking sasabihin sa inyo, hinggil doon sa darating, ay totoo; at sinasabi ko sa inyo na alam kong si Jesucristo ay paparito, oo, ang Anak, ang Bugtong ng Ama, puspos ng biyaya, at awa, at katotohanan. At masdan, siya itong paparito upang alisin ang mga kasalanan ng sanlibutan, oo, ang mga kasalanan ng bawat taong matatag na naniniwala sa kanyang pangalan.

49 At ngayon, sinasabi ko sa inyo na ito ang [a]orden kung saan ako ay tinawag, oo, ang mangaral sa mga minamahal kong kapatid, oo, at sa bawat isa na naninirahan sa lupain; oo, ang mangaral sa lahat, kapwa sa matanda at bata, kapwa sa alipin at malaya; oo, sinasabi ko sa inyo na mga may edad na, at gayundin sa nasa katanghalian ng gulang, at sa darating na salinlahi; oo, ang ipahayag sa kanila na sila ay kailangang magsisi at [b]isilang na muli.

50 Oo, ganito ang wika ng Espiritu: Magsisi, kayong lahat na nasa mga dulo ng mundo, sapagkat ang kaharian ng langit ay nalalapit na; oo, ang Anak ng Diyos ay paparito sa kanyang [a]kaluwalhatian, sa kanyang lakas, kamahalan, kapangyarihan,

44*a* Alma 13:6.
45*a* GBK Patotoo.
46*a* 1 Cor. 2:9–16.
*b* GBK Ayuno, Pag-aayuno.
*c* GBK Paghahayag.
49*a* GBK Tawag, Tinawag ng Diyos, Pagkakatawag; Pagkasaserdote.
*b* GBK Isilang na Muli, Isinilang sa Diyos.
50*a* GBK Kaluwalhatian; Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.

at pamamahala. Oo, mga mina-
mahal kong kapatid, sinasabi ko
sa inyo na ang Espiritu ay nag-
sabi: Masdan, ang kaluwalhati-
an ng [b]Hari ng buong mundo; at
Hari rin ng langit, sa lalong ma-
daling panahon siya ay sisikat
sa lahat ng anak ng tao.
51 At sinabi rin ng Espiritu sa
akin, oo, sumigaw sa akin sa
malakas na tinig, sinasabing:
Humayo at sabihin sa mga ta-
ong ito—Magsisi, sapagkat ma-
liban kung kayo ay magsisisi,
hindi kayo sa anumang paraan
magmamana ng kaharian ng
[a]langit.
52 At muli sinasabi ko sa inyo,
ang Espiritu ay nagsabing: Mas-
dan, ang [a]palakol ay nakalagay
sa ugat ng punungkahoy; kaya
nga, bawat puno na hindi na-
mumunga ng mabuting bunga
ay [b]puputulin at ihahagis sa
apoy, oo, sa apoy na hindi nau-
ubos, maging isang hindi naa-
apulang apoy. Masdan at tan-
daan, ang Banal ang siyang nag-
salita nito.
53 At ngayon mga minamahal
kong kapatid, sinasabi ko sa
inyo, mapangangatwiranan ba
ninyo ang mga ganitong salita;
oo, maisasantabi ba ninyo ang
ganitong mga bagay, at [a]yura-
kan ang Banal sa ilalim ng in-
yong mga paa, oo, kayo ba ay
magmamataas sa [b]kapalaluan
ng inyong mga puso; oo, kayo
ba ay magpipilit pa rin sa pag-
bibihis ng [c]mamahaling kasuo-
tan at ilalagak ang inyong mga
puso sa mga walang kabulu-
hang bagay ng daigdig, sa in-
yong mga [d]kayamanan?
54 Oo, kayo ba ay magpipilit
na ipalagay na kayo ay nakahi-
higit sa iba; oo, kayo ba ay mag-
pipilit na hamakin ang inyong
mga kapatid, na nagpakumbaba
ng kanilang sarili at lumalakad
alinsunod sa banal na orden ng
Diyos, kung kaya sila ay nadala
sa simbahang ito, na [a]pinabanal
ng Banal na Espiritu, at sila ay
gumawa ng mga gawang kara-
pat-dapat sa pagsisisi—
55 Oo, at kayo ba ay magpipi-
lit na tumalikod sa mga [a]mara-
lita at nangangailangan, at sa
pagkakait ng inyong kabuha-
yan sa kanila?
56 At pangwakas, kayong lahat
na magpipilit sa inyong kasama-
an, sinasabi ko sa inyo, na sila
yaong mga puputulin at ihaha-
gis sa apoy maliban kung sila ay
mabilis na magsisisi.
57 At ngayon sinasabi ko sa
inyo, kayong lahat na nagnana-
is sumunod sa tinig ng [a]mabu-
ting pastol, lumabas kayo mula
sa masasama, at [b]humiwalay,
at huwag hipuin ang kanilang

50*b* Awit 24; Mat. 2:2; Lu. 23:2; 2 Ne. 10:14; D at T 38:21–22; 128:22–23; Moi. 7:53. GBK Jesucristo; Kaharian ng Diyos o Kaharian ng Langit.
51*a* GBK Langit.
52*a* Lu. 3:9; D at T 97:7.
*b* Jac. 5:46; 6:7; 3 Ne. 27:11–12.
53*a* 1 Ne. 19:7.
*b* GBK Kapalaluan.
*c* 2 Ne. 28:11–14; Morm. 8:36–39.
*d* Awit 62:10; D at T 56:16–18.
54*a* GBK Pagpapabanal.
55*a* Awit 109:15–16; Jac. 2:17; Hel. 6:39–40.
57*a* GBK Mabuting Pastol.
*b* Ezra 6:21; 9:1; Neh. 9:2; 2 Tes. 3:6; D at T 133:5, 14.

maruruming bagay; at masdan, ang kanilang mga pangalan ay [c]buburahin, upang ang mga pangalan ng masasama ay hindi mapabilang sa mga pangalan ng mabubuti, upang ang salita ng Diyos ay matupad, sinasabing: Ang mga pangalan ng masasama ay hindi dapat mahalo sa mga pangalan ng aking mga tao;
58 Sapagkat ang mga pangalan ng mabubuti ay masusulat sa [a]aklat ng buhay, at sa kanila ay ipagkakaloob ko ang isang mana sa aking kanang kamay. At ngayon, aking mga kapatid, ano ang masasabi ninyo laban dito? Sinasabi ko sa inyo, kung kayo ay magsasalita nang laban dito, ito ay walang halaga, sapagkat ang salita ng Diyos ay tiyak na matutupad.
59 Sapagkat sinong pastol ang nasa inyo na may maraming tupa ngunit hindi nagbabantay sa kanila, nang ang mga lobo ay huwag makapasok at silain ang kanyang kawan? At masdan, kung ang lobo ay makapasok sa kanyang kawan hindi ba't kanya itong itataboy palabas? Oo, at sa huli, kung kanyang magagawa, ito ay papatayin niya.
60 At ngayon, sinasabi ko sa inyo na ang mabuting pastol ay tumatawag sa inyo; at kung kayo ay makikinig sa kanyang tinig kayo ay dadalhin niya sa kanyang kawan, at kayo ay kanyang mga tupa; at kayo ay kanyang inuutusan na walang gutom na lobo ang inyong tulutang makapasok sa inyo, upang kayo ay hindi malipol.
61 At ngayon, ako, si Alma, ay nag-uutos sa inyo sa wika [a]niya na nag-utos sa akin, na inyong sundin ang mga salitang aking sinabi sa inyo.
62 Ako ay nagsasalita sa paraan ng pag-uutos sa inyo na kabilang sa simbahan; at doon sa mga hindi kabilang sa simbahan ako ay nagsasalita sa paraan ng paanyaya, sinasabing: Lumapit at magpabinyag tungo sa pagsisisi, upang kayo rin ay maging kabahagi sa bunga ng [a]punungkahoy ng buhay.

## KABANATA 6

*Ang Simbahan sa Zarahemla ay nilinis at isinaayos—Si Alma ay nagtungo sa Gedeon upang mangaral. Mga 83 B.C.*

AT ngayon ito ay nangyari na, nang matapos si Alma sa pagsasalita sa mga tao ng simbahan, na itinatag sa lunsod ng Zarahemla, na [a]nag-orden siya ng mga saserdote at [b]elder, sa pamamagitan ng pagpapatong ng kanyang mga [c]kamay alinsunod sa orden ng Diyos upang mamuno at [d]magbantay sa simbahan.
2 At ito ay nangyari na, na

57*c* Deut. 29:20; Moro. 6:7; D at T 20:8.
58*a* GBK Aklat ng Buhay.
61*a* Alma 5:44.
62*a* 1 Ne. 8:10; 11:21–23.
**6** 1*a* GBK Ordenan, Pag-oorden.
*b* GBK Elder.
*c* GBK Kamay, Pagpapatong ng mga.
*d* D at T 52:39.

sino man ang hindi kabilang sa
simbahan na mga nagsisi ng
kanilang mga kasalanan ay [a]bi-
ninyagan tungo sa pagsisisi, at
tinanggap sa simbahan.
3 At ito rin ay nangyari na, na
sino man ang kabilang sa simba-
han na hindi [a]nagsisi ng kani-
lang kasamaan at nagpakumba-
ba ng kanilang sarili sa harapan
ng Diyos—ibig kong sabihin ay
yaong mga naiangat sa [b]kapa-
laluan ng kanilang mga puso—
ay siya ring tinanggihan, at ang
kanilang mga pangalan ay [c]bi-
nura, upang hindi mabilang ang
kanilang mga pangalan sa mga
yaong mabubuti.
4 At sa gayon sinimulan nilang
itatag ang kaayusan ng simba-
han sa lunsod ng Zarahemla.
5 Ngayon nais kong maunawa-
an ninyo na ang salita ng Diyos
ay maluwag sa lahat, na walang
pinagkaitan ng pribilehiyo na
sama-samang tipunin ang kani-
lang sarili upang mapakinggan
ang salita ng Diyos.
6 Gayon pa man, ang mga anak
ng Diyos ay inutusan na dapat
nilang sama-samang tipunin
ang kanilang sarili nang mada-
las, at magkaisa sa [a]pag-aayu-
no at mataimtim na panalangin
alang-alang sa kapakanan ng
mga yaong kaluluwa na hindi
nakakikilala sa Diyos.
7 At ngayon ito ay nangyari
na, nang magawa ni Alma ang
mga alituntuning ito na kan-
yang nilisan sila, oo, mula sa
simbahan na nasa lunsod ng
Zarahemla, at nagtungo sa sila-
ngan ng ilog Sidon, patungo sa
[a]lambak ng Gedeon, kung saan
may itinayong lunsod, na tina-
wag na lunsod ng Gedeon, na
nasa lambak ng tinawag na Ge-
deon, tinawag alinsunod sa lala-
king [b]pinatay ng kamay ni Ne-
hor sa pamamagitan ng espada.
8 At si Alma ay humayo at nag-
simulang ipahayag ang salita ng
Diyos sa simbahang itinatag sa
lambak ng Gedeon, alinsunod
sa paghahayag ng katotohanan
ng salitang sinabi ng kanyang
mga ama, at alinsunod sa diwa
ng propesiya na nasa kanya,
alinsunod sa [a]patotoo kay
Jesucristo, ang Anak ng Diyos,
na siyang paparito upang tubu-
sin ang kanyang mga tao mula
sa kanilang mga pagkakasala, at
sa banal na orden kung saan
siya ay tinawag. At sa gayon ito
nasusulat. Amen.

---

Ang mga salita ni Alma na ipinahayag niya sa mga tao ng Gedeon, ayon sa kanyang sariling talaan.

*Binubuo ng kabanata 7.*

## KABANATA 7

*Si Cristo ay isisilang ni Maria—Kakalagan niya ang mga gapos ng kamatayan at dadalhin ang mga kasalanan ng kanyang mga tao—*

---

2*a* GBK Pagbibinyag, Binyagan.
3*a* Mos. 26:6.
*b* GBK Kapalaluan.
*c* Ex. 32:33; Mos. 26:36; Alma 1:24; 5:57–58. GBK Pagtitiwalag.
6*a* GBK Ayuno, Pag-aayuno.
7*a* Alma 2:20.
*b* Alma 1:9.
8*a* Apoc. 19:10.

*Yaong mga nagsisi ay bininyagan, at ang susunod sa mga kautusan ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan—Ang karumihan ay hindi makamamana ng kaharian ng Diyos—Pagpapakumbaba, pananampalataya, pag-asa, at pagibig sa kapwa-tao ay kinakailangan. Mga 83 B.C.*

Masdan mga minamahal kong
kapatid, nakikitang pinahintu-
lutan akong magtungo sa inyo,
kaya nga magtatangka akong
[a]magsalita sa inyo sa aking
wika; oo, sa sarili kong bibig,
nakikitang ito ang unang pagka-
kataon na ako ay nangusap sa
inyo sa pamamagitan ng mga
salita ng aking bibig, ako na lu-
bos na naukol ang panahon sa
[b]hukumang-luklukan, na may
maraming gawain kung kaya't
hindi ako nakatungo sa inyo.
2 At hindi ko sana nagawang
makatungo ngayon sa pana-
hong ito kung ang hukumang-
luklukan ay hindi [a]ibinigay sa
iba, upang mamahalang kaha-
lili ko; at ang Panginoon sa la-
bis na awa ay nagpahintulot na
makatungo ako sa inyo.
3 At masdan, nagtungo ako
nang may malaking pag-asa at
labis na pagnanais na matagpu-
ang nagpakumbaba kayo ng in-
yong sarili sa harapan ng Diyos,
at na patuloy kayong nagsusu-
mamo sa kanyang biyaya, na
kayo ay matagpuan kong wa-
lang kasalanan sa kanyang ha-
rapan, na kayo ay matagpuan
kong wala sa kakila-kilabot na
kalagayan kung saan nasadlak
ang ating mga kapatid sa Zara-
hemla.
4 Subalit purihin ang pangalan
ng Diyos, na ipinaalam niya sa
akin, oo, ipinaalam sa akin sa la-
bis na kagalakan na muli silang
naitatag sa landas ng kanyang
kabutihan.
5 At ako ay nananalig, alinsu-
nod sa Espiritu ng Diyos na nasa
akin, na ako ay magkakaroon
din ng kagalakan sa inyo; gayon
pa man, hindi ako nagnanais na
ang aking kagalakan sa inyo ay
madama sa labis na paghihirap
at kalungkutan na siyang dina-
nas ko sa mga kapatid sa Zara-
hemla, sapagkat masdan, ang
aking kagalakan ay nadama
para sa kanila matapos magda-
nas ng labis na paghihirap at
kalungkutan.
6 Subalit masdan, ako ay na-
nanalig na kayo ay wala sa ka-
lagayan ng labis na kawalang-
paniniwala na tulad ng inyong
mga kapatid; ako ay nananalig
na kayo ay hindi naiangat sa
kapalaluan ng inyong mga
puso; oo, ako ay nananalig na
hindi ninyo inilagak ang inyong
mga puso sa mga kayamanan
at sa mga walang kabuluhang
bagay ng sanlibutan; oo, ako ay
nananalig na hindi kayo suma-
samba sa mga [a]diyus-diyusan,
kundi sinasamba ninyo ang tu-
nay at [b]buhay na Diyos, at na
kayo ay umaasa para sa kapa-
tawaran ng iyong mga kasala-

**7** 1*a* Alma 4:19.
*b* Mos. 29:42.
2*a* Alma 4:16–18.
6*a* 2 Ne. 9:37; Hel. 6:31.
*b* Dan. 6:26.

nan, nang may walang hanggang pananampalataya, sa yaong darating.

7 Sapagkat masdan, sinasabi ko sa inyo na maraming bagay ang darating; at masdan, may isang bagay na higit na mahalaga kaysa sa lahat ng ito—sapagkat masdan, ang [a]panahon ay hindi na nalalayo na ang Manunubos ay mabubuhay at paroroon sa kanyang mga tao.

8 Masdan, hindi ko sinasabi na siya ay paparito sa atin sa panahon ng kanyang pamamalagi sa kanyang katawang-lupa; sapagkat masdan, ang Espiritu ay hindi nagsabi sa akin na ganito ang mangyayari. Ngayon, ang tungkol sa bagay na ito ay hindi ko nalalaman; subalit ito lamang ang nalalaman ko, na ang Panginoong Diyos ay may kapangyarihang gawin ang lahat ng bagay alinsunod sa kanyang salita.

9 Subalit masdan, ang Espiritu ay nagsabi lamang ng ganito sa akin, sinasabing: Magpahayag sa mga taong ito, nagsasabing—[a]Magsisi kayo, at ihanda ang daan ng Panginoon, at lumakad sa kanyang mga landas, na tuwid; sapagkat masdan, ang kaharian ng langit ay nalalapit na, at ang Anak ng Diyos ay [b]paparito sa balat ng lupa.

10 At masdan, siya ay [a]isisilang ni [b]Maria, sa may Jerusalem na [c]lupain ng ating mga ninuno, siya na isang [d]birhen, isang mahalaga at piniling nilikha, na lililiman at [e]maglilihi sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, at magsisilang ng isang anak na lalaki, oo, maging ang Anak ng Diyos.

11 At siya ay hahayo, magdaranas ng mga pasakit at [a]hirap at lahat ng uri ng tukso; at ito ay upang matupad ang salita na nagsabing dadalhin niya sa kanyang sarili ang mga pasakit at ang mga sakit ng kanyang mga tao.

12 At dadalhin niya sa kanyang sarili ang [a]kamatayan, upang makalag niya ang mga gapos ng kamatayan na gumagapos sa kanyang mga tao; at dadalhin niya ang kanilang mga kahinaan, upang ang kanyang sisidlan ay mapuspos ng awa, ayon sa laman, upang malaman niya nang ayon sa laman kung paano [b]tutulungan ang kanyang mga tao alinsunod sa kanilang mga kahinaan.

13 Ngayon [a]nalalaman ng Espiritu ang lahat ng bagay; gayon pa man, ang Anak ng Diyos ay magdurusa ayon sa laman upang [b]madala niya sa kanyang sarili ang mga kasalanan ng

7*a* Alma 9:26.
9*a* Mat. 3:2–4; Alma 9:25.
*b* Mos. 3:5; 7:27; 15:1–2.
10*a* Is. 7:14; Lu. 1:27.
*b* Mos. 3:8. GBK Maria, Ina ni Jesus.
*c* 1 Cron. 9:3; 2 Cron. 15:9; 1 Ne. 1:4; 3 Ne. 20:29.
*d* 1 Ne. 11:13–21.
*e* Mat. 1:20; Mos. 15:3.
11*a* Is. 53:3–5; Mos. 14:3–5.
12*a* 2 Ne. 2:8; Alma 12:24–25. GBK Pagpapako sa Krus.
*b* Heb. 2:18; 4:15; D at T 62:1.
13*a* GBK Diyos, Panguluhang Diyos.
*b* Mos. 15:12. GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala.

kanyang mga tao, upang mabura niya ang kanilang mga kasalanan alinsunod sa kapangyarihan ng kanyang pagtubos; at ngayon masdan, ito ang patotoo na nasa akin.

14 Ngayon sinasabi ko sa inyo na kayo ay kinakailangang magsisi, at [a]isilang na muli; sapagkat ang Espiritu ay nagsabi na kung kayo ay hindi isisilang na muli ay hindi ninyo maaaring manahin ang kaharian ng langit; kaya nga halina at magpabinyag tungo sa pagsisisi, upang kayo ay mahugasan mula sa inyong mga kasalanan, upang kayo ay magkaroon ng pananampalataya sa Kordero ng Diyos, na siyang mag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, na may kapangyarihang makapagligtas at maglinis sa lahat ng kasamaan.

15 Oo, sinasabi ko sa inyo, halina at huwag matakot, at isantabi ang lahat ng kasalanan, na madaling [a]lumiligalig sa inyo, na gumagapos sa inyo sa pagkawasak, oo, halina at humayo, at patunayan sa inyong Diyos na kayo ay nakahandang magsisi ng inyong mga kasalanan at makipagtipan sa kanya na susundin ang kanyang mga kautusan, at patunayan ito sa kanya sa araw na ito sa pamamagitan ng pagtungo sa mga tubig ng pagbibinyag.

16 At sino man ang gagawa nito, at susunod sa mga kautusan ng Diyos magmula ngayon, siya rin ay makatatanda na ako ay nagsabi sa kanya, oo, matatandaan niya na ako ay nagsabi sa kanya, na siya ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan, ayon sa patotoo ng Banal na Espiritu, na nagpapatotoo sa akin.

17 At ngayon mga minamahal kong kapatid, kayo ba ay naniniwala sa mga bagay na ito? Masdan, sinasabi ko sa inyo, oo, nalalaman ko na kayo ay naniniwala sa mga ito; at ang paraan kung kaya't nalaman ko na kayo ay naniniwala sa mga ito ay sa pamamagitan ng pagpapahayag ng Espiritu na nasa akin. At ngayon dahil ang inyong pananampalataya ay malakas hinggil dito, oo, hinggil sa mga bagay na sinabi ko, lubos ang aking kagalakan.

18 Sapagkat tulad ng sinabi ko sa inyo mula pa sa simula, na ako ay may labis na pagnanais na kayo ay wala sa kakila-kilabot na kalagayan na tulad ng inyong mga kapatid, maging sa nalaman ko na ang aking mga naisin ay ipinagkaloob.

19 Sapagkat nahihiwatigan ko na kayo ay nasa mga landas ng kabutihan; nahihiwatigan kong kayo ay nasa landas na patungo sa kaharian ng Diyos; oo, nahihiwatigan ko na ginagawa ninyong tuwid ang kanyang mga [a]landas.

20 Nahihiwatigan ko na ito ay ipinaalam sa inyo, sa pamamagitan ng patotoo ng kanyang salita, na hindi siya [a]makalala-

14*a* GBK Isilang na Muli, Isinilang sa Diyos.
15*a* 2 Ne. 4:18.
19*a* Mat. 3:3.
20*a* 1 Ne. 10:19; Alma 37:12; D at T 3:2.

kad sa paliku-likong landas; ni
nagbabagu-bago siya mula sa
mga yaong sinabi niya; ni siya
ay may anino ng pagliko mula
sa kanan patungo sa kaliwa, o
mula sa yaong tama tungo sa
yaong mali; anupa't ang kan-
yang hakbangin ay isang wa-
lang hanggang pag-ikot.
21 At hindi siya nananahanan
sa mga templong [a]hindi banal;
ni ang karumihan o ano mang
bagay na hindi malinis ay tang-
gapin sa kaharian ng Diyos;
kaya nga sinasabi ko sa inyo na
darating ang panahon, oo, at
ito ay sa huling araw, na siya
na [b]marumi ay mananatili sa
kanyang karumihan.
22 At ngayon mga minamahal
kong kapatid, sinabi ko sa inyo
ang mga bagay na ito upang
kayo ay magising ko sa pagpa-
pahalaga ng inyong tungkulin
sa Diyos, upang kayo ay maka-
lakad nang walang kasalanan sa
kanyang harapan, upang kayo
ay lumakad alinsunod sa banal
na orden ng Diyos, kung saan
kayo ay tinanggap.
23 At ngayon nais ko na kayo
ay maging [a]mapagpakumbaba,
at maging masunurin at maamo;
madaling pakiusapan; puspos
ng tiyaga at mahabang pagtitiis;
mahinahon sa lahat ng bagay;
masikap na sumusunod sa mga
kautusan ng Diyos sa lahat ng
panahon; humihingi ng ano
mang bagay na inyong kinaka-
ilangan, maging espirituwal at
temporal; parating gumaganti
ng pasasalamat sa Diyos para
sa ano mang bagay na inyong
tinatanggap.
24 At tiyakin na kayo ay may
[a]pananampalataya, pag-asa, at
pag-ibig sa kapwa-tao, at sa ga-
yon kayo ay parating manana-
gana sa mabubuting gawa.
25 At nawa'y pagpalain kayo
ng Panginoon, at panatilihing
walang bahid-dungis ang in-
yong mga kasuotan, upang sa
dakong huli kayo ay madala na
maupong kasama sina Abra-
ham, Isaac, at Jacob, at ng mga
banal na propeta sa simula pa
lamang ng daigdig, kung saan
ang inyong mga kasuotan ay
[a]walang bahid-dungis maging
tulad ng kanilang mga kasuotan
na walang bahid-dungis, sa ka-
harian ng langit upang hindi na
lumisan pa.
26 At ngayon mga minamama-
hal kong kapatid, sinabi ko ang
mga salitang ito sa inyo alinsu-
nod sa Espiritung nagpapatotoo
sa akin; at ang aking kaluluwa
ay labis na nagagalak, dahil sa
labis na pagsusumigasig at pa-
kikinig na inyong ibinigay sa
aking salita.
27 At ngayon, nawa'y mapasa-
inyo ang [a]kapayapaan ng Diyos,
at sa inyong mga tahanan at lu-
pain, at sa inyong mga kawan
ng tupa at baka, at sa lahat ng
inyong pag-aari, sa inyong ka-

21*a* 1 Cor. 3:16–17; 6:19; Mos. 2:37; Alma 34:36.
*b* 1 Ne. 15:33–35; 2 Ne. 9:16; Morm. 9:14; D at T 88:35.
23*a* GBK Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba.
24*a* 1 Cor. 13:1–13; Eter 12:30–35; Moro. 7:33–48.
25*a* 2 Ped. 3:14.
27*a* GBK Kapayapaan.

babaihan at inyong mga anak, alinsunod sa inyong pananampalataya at mabubuting gawa, simula ngayon at magpakailanman. At sa gayon ako nangusap. Amen.

## KABANATA 8

*Si Alma ay nangaral at nagbinyag sa Melek—Siya ay hindi tinanggap sa Ammonihas at lumisan—Siya ay inutusan ng isang anghel na magbalik at mangaral ng pagsisisi sa mga tao—Siya ay tinanggap ni Amulek, at silang dalawa ay nangaral sa Ammonihas. Mga 82* B.C.

AT ngayon ito ay nangyari na, na si Alma ay nagbalik mula sa [a]lupain ng Gedeon, matapos maturuan ang mga tao ng Gedeon ng maraming bagay na hindi maaaring isulat, naitatag ang kaayusan ng simbahan, alinsunod sa ginawa niya noon sa lupain ng Zarahemla, oo, siya ay nagbalik sa kanyang sariling tahanan sa Zarahemla upang ipahinga ang kanyang sarili mula sa mga gawaing isinagawa niya.
2 At sa gayon nagtapos ang ikasiyam na taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi.
3 At ito ay nangyari na, na sa pagsisimula ng ikasampung taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi, si Alma ay lumisan mula roon at naglakbay patungo sa lupain ng Melek, sa kanluran ng [a]ilog Sidon, sa kanluran sa tabi ng mga hangganan ng ilang.
4 At sinimulang turuan niya ang mga tao sa lupain ng Melek alinsunod sa [a]banal na orden ng Diyos, kung saan siya ay tinawag; at sinimulang turuan niya ang mga tao sa lahat ng dako ng buong lupain ng Melek.
5 At ito ay nangyari na, na nagtungo sa kanya ang mga tao mula sa lahat ng hangganan ng lupain na malapit sa gilid ng ilang. At nabinyagan sila na nasa lahat ng dako ng buong lupain.
6 Kaya't nang matapos niya ang kanyang gawain sa Melek ay lumisan siya roon, at naglakbay ng tatlong araw na paglalakbay sa hilaga ng lupain ng Melek; at siya ay nakarating sa isang lunsod na tinatawag na Ammonihas.
7 Ngayon, kaugalian ng mga tao ni Nephi na tawagin ang kanilang mga lupain, at kanilang mga lunsod, at kanilang mga nayon, oo, maging ang kanilang maliliit na nayon, alinsunod sa pangalan niya na unang nagmay-ari sa mga ito; at gayon ito sa lupain ng Ammonihas.
8 At ito ay nangyari na, nang si Alma ay makarating sa lunsod ng Ammonihas na sinimulan niyang ipangaral ang salita ng Diyos sa kanila.
9 Ngayon, si Satanas ay nakakuha ng malakas na [a]pagkakahawak sa mga puso ng mga tao

**8** 1*a* Alma 2:20; 6:7.
3*a* Alma 16:6–7.
4*a* D at T 107:2–4.
GBK Pagkakasaserdoteng Melquisedec.
9*a* 2 Ne. 28:19–22; D at T 10:20.

ng lunsod ng Ammonihas; kung kaya't ayaw nilang makinig sa mga salita ni Alma.

10 Gayon pa man, si Alma ay [a]nagpagal nang labis sa espiritu, [b]nakipagbuno sa Diyos sa [c]mataimtim na panalangin, upang kanyang ibuhos ang kanyang Espiritu sa mga tao na nasa lunsod; upang kanyang itulot na kanyang mabinyagan sila tungo sa pagsisisi.

11 Gayon pa man, pinatigas nila ang kanilang mga puso, nagsasabi sa kanya: Masdan, nalalaman namin na ikaw si Alma; at nalalaman namin na ikaw ang mataas na saserdote sa simbahang itinatag mo sa maraming dako ng lupain, alinsunod sa iyong kinaugalian; at hindi kami kabilang sa iyong simbahan, at hindi kami naniniwala sa gayong mga hangal na kaugalian.

12 At ngayon nalalaman namin na dahil sa kami ay hindi kabilang sa iyong simbahan kaya nga alam naming wala kang kapangyarihan sa amin; at ipinaubaya mo ang hukumang-luklukan kay [a]Nefihas; anupa't hindi ikaw ang aming punong hukom.

13 Ngayon, nang ito ay sabihin ng mga tao, at napangatwiranan ang lahat ng kanyang salita, at nilait siya, at dinuraan siya, at pinapangyaring siya ay itaboy palabas ng kanilang lunsod, siya ay lumisan doon at naglakbay siya patungo sa lunsod na tinatawag na Aaron.

14 At ito ay nangyari na, na samantalang siya ay naglalakbay paroon, na nabibigatan sa kalungkutan, nagdaranas ng labis na [a]paghihirap at pagdurusa ng kaluluwa, dahil sa kasamaan ng mga tao na nasa lunsod ng Ammonihas, ito ay nangyari na, na samantalang si Alma ay nabibigatan sa kalungkutan, masdan, isang [b]anghel ng Panginoon ang nagpakita sa kanya, sinasabing:

15 Pinagpala ka, Alma; kaya nga, itaas mo ang iyong ulo at magsaya, sapagkat mayroon kang malaking dahilan upang magsaya; sapagkat ikaw ay naging matapat sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos mula sa panahong una mong natanggap ang iyong unang mensahe mula sa kanya. Masdan, ako ang siyang [a]naghatid nito sa iyo.

16 At masdan, ako ay isinugo upang utusan kang bumalik sa lunsod ng Ammonihas, at muling mangaral sa mga tao ng lunsod; oo, mangaral sa kanila. Oo, sabihin sa kanila, maliban kung sila ay magsisisi ang Panginoong Diyos ay [a]lilipulin sila.

17 Sapagkat masdan, sila ay nagbabalak sa panahong ito upang mawasak nila ang kalayaan ng iyong mga tao, (sapagkat gayon ang wika ng Panginoon) na salungat sa mga batas, at kahatulan, at kautusang ibinigay niya sa kanyang mga tao.

10*a* Alma 17:5.
*b* Enos 1:1–12.
*c* 3 Ne. 27:1.
GBK Panalangin.
12*a* Alma 4:20.
14*a* GBK Pagdurusa.
*b* Alma 10:7–10, 20.
GBK Anghel, Mga.
15*a* Mos. 27:11–16.
16*a* Alma 9:12, 18, 24.

18 Ngayon ito ay nangyari na, na matapos matanggap ni Alma ang kanyang mensahe mula sa anghel ng Panginoon ay mabilis siyang bumalik sa lupain ng Ammonihas. At pinasok niya ang lunsod sa ibang daan, oo, sa daan na nasa timog ng lunsod ng Ammonihas.
19 At nang pasukin niya ang lunsod siya ay nagugutom, at sinabi niya sa isang lalaki: Maaari ka bang magbigay sa isang hamak na tagapaglingkod ng Diyos ng kahit anong makakain?
20 At ang lalaki ay nagsabi sa kanya: Ako ay isang Nephita, at nalalaman kong isa kang banal na propeta ng Diyos, sapagkat ikaw ang lalaking sinabi ng [a]anghel sa isang pangitain: Tanggapin mo. Kaya nga, sumama sa akin sa aking tahanan, at ibabahagi ko sa iyo ang aking pagkain; at nalalaman kong ikaw ay magiging pagpapala sa akin at sa aking sambahayan.
21 At ito ay nangyari na, na siya ay tinanggap ng lalaki sa kanyang tahanan; at ang lalaki ay tinatawag na [a]Amulek; at kanyang inilabas ang tinapay at karne at inihain sa harapan ni Alma.
22 At ito ay nangyari na, na si Alma ay kumain ng tinapay at nabusog; at kanyang [a]binasbasan si Amulek at ang kanyang sambahayan, at nagbigay-pasalamat siya sa Diyos.
23 At matapos niyang kumain at mabusog ay sinabi niya kay Amulek: Ako si Alma, at ako ang [a]mataas na saserdote ng simbahan ng Diyos sa buong lupain.
24 At masdan, ako ay tinawag upang ipangaral ang salita ng Diyos sa lahat ng taong ito, alinsunod sa diwa ng paghahayag at propesiya; at ako ay nasa lupaing ito, at tumanggi silang tanggapin ako, sa halip ako ay [a]itinaboy nila at ako ay handa na sanang tumalikod sa lupaing ito magpakailanman.
25 Subalit masdan, ako ay inutusan na ako ay nararapat na muling bumalik at magpropesiya sa mga taong ito, oo, at magpatotoo laban sa kanila hinggil sa kanilang mga kasamaan.
26 At ngayon, Amulek, dahil sa ako'y pinakain at tinanggap ako, ikaw ay pinagpala; sapagkat ako ay nagugutom, sapagkat nag-ayuno ako ng maraming araw.
27 At si Alma ay namalagi ng maraming araw kina Amulek bago siya nagsimulang mangaral sa mga tao.
28 At ito ay nangyari na, na ang mga tao ay naging higit na nalulong sa kanilang mga kasamaan.
29 At ang salita ay dumating kay Alma, sinasabing: Humayo; at sinasabi rin sa aking tagapaglingkod na si Amulek, humayo at magpropesiya sa mga taong

20*a* Alma 10:7–9.
21*a* GBK Amulek.
22*a* Alma 10:11.
23*a* Alma 5:3, 44, 49; 13:1–20.
24*a* Alma 8:13.

ito, sinasabing—[a]Magsisi kayo, sapagkat ganito ang wika ng Panginoon, maliban kung magsisisi kayo ay parurusahan ko ang mga taong ito sa aking galit; oo, at hindi ko iwawaksi ang aking masidhing galit.

30 At humayo si Alma, at gayon din si Amulek, sa mga tao, upang ipahayag ang mga salita ng Diyos sa kanila; at napuspos sila ng Espiritu Santo.

31 At may [a]kapangyarihang ipinagkaloob sa kanila, kung kaya nga't hindi sila maaaring ikulong sa mga bartolina; ni ang maaari silang mapatay ng sino mang tao; gayon pa man hindi nila ginamit ang kanilang [b]kapangyarihan hanggang sa sila ay igapos ng mga panali at itapon sa bilangguan. Ngayon, ito ay naganap upang maipakita ng Panginoon ang kanyang kapangyarihan sa kanila.

32 At ito ay nangyari na, na sila ay humayo at nagsimulang mangaral at magpropesiya sa mga tao, alinsunod sa espiritu at kapangyarihang ipinagkaloob sa kanila ng Panginoon.

---

Ang mga salita ni Alma, at ang mga salita rin ni Amulek, na ipinahayag sa mga tao na nasa lupain ng Ammonihas. At sila rin ay itinapon sa bilangguan, at nakalaya sa pamamagitan ng mapaghimalang kapangyarihan ng Diyos na nasa kanila, ayon sa talaan ni Alma.

*Binubuo ng mga kabanata 9 hanggang 14 na pinagsama-sama.*

## KABANATA 9

*Inutusan ni Alma ang mga tao ng Ammonihas na magsisi—Ang Panginoon ay magiging maawain sa mga Lamanita sa mga huling araw—Kung tatalikuran ng mga Nephita ang liwanag, sila ay lilipulin ng mga Lamanita—Ang Anak ng Diyos ay malapit nang pumarito—Tutubusin niya yaong mga magsisisi, mabibinyagan at magkakaroon ng pananampalataya sa kanyang pangalan. Mga 82 B.C.*

At muli, ako, si Alma, na napag-utusan ng Diyos na dapat kong isama si Amulek at humayo at muling mangaral sa mga taong ito, o ang mga tao na nasa lunsod ng Ammonihas, ito ay nangyari na, nang magsimula akong mangaral sa kanila, sila ay nagsimulang makipagtalo sa akin, sinasabing:

2 Sino ka? Inaakala mo bang kami ay maniniwala sa patotoo ng [a]isang tao, bagaman siya ay mangaral sa amin na ang mundo ay lilipas?

3 Ngayon hindi nila nauunawaan ang mga salitang sinabi nila; sapagkat hindi nila nalalaman na ang mundo'y lilipas.

4 At sinabi rin nila: Hindi kami maniniwala sa iyong mga salita kung ipopropesiya mong mawawasak ang dakilang lunsod na ito sa [a]isang araw.

---

29*a* Alma 9:12, 18.
GBK Magsisi, Pagsisisi.
31*a* 1 Ne. 1:20.
*b* Alma 14:17–29.
**9** 2*a* Deut. 17:6.
4*a* Alma 16:9–10.

5 Ngayon hindi nila nalalaman na ang Diyos ay makagagawa ng gayong mga kagila-gilalas na gawa, sapagkat sila ay mga taong matitigas ang puso at matitigas ang leeg.

6 At sinabi nila: [a]Sino ang Diyos, na nagsugo ng may karapatan na [b]hindi hihigit kaysa sa isang tao sa mga taong ito, upang ipahayag sa kanila ang katotohanan ng gayong kadakila at mga kagila-gilalas na bagay?

7 At nagsilapit sila upang ako ay pagbuhatan ng kanilang mga kamay; subalit masdan, hindi nila nagawa. At tumindig ako nang buong katapangan upang magpahayag sa kanila, oo, buong tapang akong nagpatotoo sa kanila, sinasabing:

8 Masdan, O kayong masasama at balakyot na [a]salinlahi, paanong nakalimutan ninyo ang kaugalian ng inyong mga ama; oo, kaydaling nalimutan ninyo ang mga kautusan ng Diyos.

9 Hindi ba ninyo natatandaan na ang ating ama, si Lehi, ay dinalang palabas ng Jerusalem ng [a]kamay ng Diyos? Hindi ba ninyo natatandaan na kanyang inakay silang lahat sa ilang?

10 At kaydali na ba ninyong nakalimutan kung gaano karaming ulit niyang iniligtas ang ating mga ama mula sa mga kamay ng kanilang mga kaaway, at pinangalagaan sila mula sa pagkalipol, maging sa mga kamay ng kanilang sariling mga kapatid?

11 Oo, at kung hindi dahil sa kanyang walang kapantay na kapangyarihan, at sa kanyang awa, at sa kanyang mahabang pagtitiis sa atin, tayo ay hindi na dapat nakaiwas pa na malipol sa balat ng lupa noon pa mang bago sumapit ang panahong ito, at marahil ay naitalaga na sa kalagayan ng [a]walang hanggang kalungkutan at kapighatian.

12 Masdan, ngayon sinasabi ko sa inyo na kayo ay inuutusan niyang magsisi; at maliban kung kayo ay magsisisi hindi ninyo maaaring manahin sa anumang paraan ang kaharian ng Diyos. Subalit masdan, hindi lamang ito—kanyang inutusan kayong magsisi, o lubusan niya kayong [a]lilipulin sa balat ng lupa; oo, kanyang parurusahan kayo sa kanyang galit, at sa kanyang [b]masidhing galit siya ay hindi tatalikod.

13 Masdan, hindi ba ninyo natatandaan ang mga salitang kanyang winika kay Lehi, sinasabi na: [a]Habang inyong sinusunod ang aking mga kautusan kayo ay uunlad sa lupain? At muli sinabi na: Habang hindi ninyo sinusunod ang aking mga kautusan kayo ay mahihiwalay mula sa harapan ng Panginoon.

14 Ngayon nais kong inyong tandaan na habang ang mga Lamanita ay hindi sumusunod

6*a* Ex. 5:2; Mos. 11:27; Moi. 5:16.
*b* Alma 10:12.
8*a* Alma 10:17–25.
9*a* 1 Ne. 2:1–7.
11*a* Mos. 16:11.
12*a* Alma 8:16; 10:19, 23, 27.
*b* Alma 8:29.
13*a* 2 Ne. 1:20; Mos. 1:7; Alma 37:13.

sa mga kautusan ng Diyos, sila
ay [a]inihiwalay mula sa harapan
ng Panginoon. Ngayon ating na-
kikita na ang salita ng Pangino-
on sa bagay na ito ay napatuna-
yan na, at ang mga Lamanita ay
inihiwalay mula sa kanyang ha-
rapan, mula pa sa simula ng ka-
nilang pagkakasala sa lupain.
15 Gayon pa man sinasabi ko
sa inyo, na higit na [a]mababata
nila ang araw ng paghuhukom
kaysa sa inyo, kung kayo ay
mananatili sa inyong mga ka-
salanan, oo, at maging higit na
mababata nila ang buhay na ito
kaysa sa inyo, maliban kung
kayo ay magsisi.
16 Sapagkat maraming panga-
ko ang [a]nakalaan sa mga Lama-
nita; sapagkat ang mga [b]kauga-
lian ng kanilang mga ama ang
dahilan ng kanilang pananatili
sa kanilang [c]mangmang na ka-
lagayan; kaya nga, ang Pangino-
on ay magiging maawain sa ka-
nila at [d]pahahabain ang kani-
lang buhay sa lupain.
17 At balang araw sila ay [a]ma-
dadalang maniwala sa kanyang
salita, at malalaman ang kama-
lian ng mga kaugalian ng ka-
nilang mga ama; at marami sa
kanila ang maliligtas, sapagkat
ang Panginoon ay magiging ma-
awain sa lahat ng [b]mananawa-
gan sa kanyang pangalan.
18 Subalit masdan, sinasabi ko
sa inyo na kung kayo ay magpu-
pumilit sa inyong mga kasama-
an na ang inyong mga araw ay
hindi pahahabain sa lupain, sa-
pagkat ang mga [a]Lamanita ay
isusugo sa inyo; at kung kayo
ay hindi magsisisi sila ay dara-
ting sa isang panahong hindi
ninyo nalalaman, at kayo ay da-
dalawin ng [b]ganap na pagkali-
pol; at ito ay alinsunod sa [c]ma-
sidhing galit ng Panginoon.
19 Sapagkat hindi niya kayo
pahihintulutang mamuhay sa
inyong mga kasamaan, upang
lipulin ang kanyang mga tao. Si-
nasabi ko sa inyo, Hindi; kan-
yang mamarapating tulutan ang
mga Lamanita na [a]lipulin ang
lahat ng kanyang mga tao na ti-
natawag na mga tao ni Nephi,
kung mangyayaring sila ay [b]ma-
huhulog sa mga kasalanan at
paglabag, matapos makatang-
gap ng labis na liwanag at ma-
raming kaalaman na ipinagka-
loob sa kanila ng Panginoon ni-
lang Diyos;
20 Oo, matapos na maging
isang labis na mga pinagpalang
tao ng Panginoon; oo, matapos
na itaguyod nang higit sa lahat
ng bansa, lahi, wika, o tao; ma-
tapos na ang lahat ng bagay ay
[a]ipaalam sa kanila, alinsunod
sa kanilang mga naisin, at kani-
lang pananampalataya, at mga
panalangin, niyaong nakalipas,
at ngayon, at darating pa;
21 Dinalaw ng Espiritu ng

14*a* 2 Ne. 5:20–24; Alma 38:1.
15*a* Mat. 11:22, 24.
16*a* Alma 17:15.
*b* Mos. 18:11–17.
*c* Mos. 3:11.
*d* Hel. 15:10–12.
17*a* Enos 1:13.
*b* Alma 38:5; D at T 3:8.
18*a* Alma 16:2–3.
*b* Alma 16:9.
*c* Alma 8:29.
19*a* 1 Ne. 12:15, 19–20; Alma 45:10–14.
*b* Alma 24:30.
20*a* GBK Paghahayag.

Diyos; nakipag-usap sa mga anghel, at kinausap ng tinig ng Panginoon; at taglay ang diwa ng propesiya, at ang diwa ng paghahayag, at marami pang kaloob, ang kaloob na pagsasalita ng mga wika, at ang kaloob na pangangaral, at ang kaloob na Espiritu Santo, at ang kaloob na [a]pagsasalin;
22 Oo, at matapos na [a]iligtas ng Diyos palabas ng lupain ng Jerusalem, ng kamay ng Panginoon; iniligtas mula sa taggutom, at mula sa karamdaman, at lahat ng uri ng sakit nang bawat uri; at sila ay naging malakas sa pakikidigma, upang sila ay hindi malipol; pinalaya mula sa [b]pagkaalipin sa pana-panahon, at inaruga at inalagaan hanggang sa ngayon; at sila ay umunlad hanggang sa sila ay yumaman sa lahat ng uri ng mga bagay—
23 At ngayon masdan, sinasabi ko sa inyo, na kung ang mga taong ito, na nakatanggap ng napakaraming pagpapala mula sa kamay ng Panginoon, ay magkakasala salungat sa liwanag at kaalamang kanilang taglay, sinasabi ko sa inyo na kung ito ang mangyayari, na kung sila ay mahuhulog sa paglabag, higit na [a]makapagbabata ang mga Lamanita kaysa sa kanila.
24 Sapagkat masdan, ang mga [a]pangako ng Panginoon ay nakalaan sa mga Lamanita, subalit hindi sa inyo kung kayo ay magkakasala; sapagkat hindi ba't ang Panginoon ay malinaw na nangako at matatag na nagpasiya, na kung kayo ay maghihimagsik laban sa kanya na kayo ay ganap na lilipulin mula sa balat ng lupa?
25 At ngayon dahil sa kadahilanang ito, upang kayo ay hindi malipol, ang Panginoon ay nagsugo ng kanyang anghel upang dalawin ang marami sa kanyang mga tao, nagpapahayag sa kanila na sila ay kinakailangang humayo at masigasig na mangaral sa mga taong ito, sinasabing: [a]Magsisi kayo, sapagkat ang kaharian ng langit ay nalalapit na;
26 At [a]hindi na maraming araw mula ngayon na ang Anak ng Diyos ay paparito sa kanyang kaluwalhatian; at ang kanyang kaluwalhatian ay kaluwalhatian ng [b]Bugtong na Anak ng Ama, puspos ng [c]biyaya, katarungan, at katotohanan, puspos ng tiyaga, [d]awa, at mahabang pagtitiis, mabilis na [e]dinidinig ang mga pagsusumamo ng kanyang mga tao at tinutugon ang kanilang mga panalangin.
27 At masdan, siya ay paparito upang [a]tubusin ang yaong mga [b]mabibinyagan tungo sa pagsisisi, sa pamamagitan ng pananampalataya sa kanyang pangalan.

21*a* Omni 1:20; Mos. 8:13–19; 28:11–17.
22*a* 2 Ne. 1:4.
*b* Mos. 27:16.
23*a* Mat. 11:22–24.
24*a* 2 Ne. 30:4–6; D at T 3:20.
25*a* Alma 7:9; Hel. 5:32.
26*a* Alma 7:7.
*b* GBK Bugtong na Anak.
*c* GBK Biyaya.
*d* GBK Awa, Maawain.
*e* Deut. 26:7.
27*a* GBK Tubos, Tinubos, Pagtubos.
*b* GBK Pagbibinyag, Binyagan.

28 Kaya nga, ihanda ninyo ang
daan ng Panginoon, sapagkat
ang panahon ay nalalapit na, na
aanihin ng lahat ng tao ang gan-
timpala ng kanilang mga [a]gawa,
alinsunod sa yaong kanilang na-
isagawa—kung sila ay naging
mabubuti sila ay [b]mag-aani ng
kaligtasan sa kanilang mga ka-
luluwa, alinsunod sa kapangya-
rihan at pagtubos ni Jesucristo;
at kung sila ay naging masasa-
ma sila ay mag-aani ng [c]sumpa
sa kanilang mga kaluluwa, alin-
sunod sa kapangyarihan at pag-
kabihag ng diyablo.
29 Ngayon masdan, ito ang ti-
nig ng anghel, na nananawagan
sa mga tao.
30 At ngayon, mga [a]minama-
hal kong kapatid, sapagkat kayo
ay aking mga kapatid, at kayo
ay nararapat na mahalin, at
kayo ay nararapat na gumawa
ng mga gawang karapat-dapat
sa pagsisisi, nakikita na ang in-
yong mga puso ay labis na na-
ging matitigas laban sa salita
ng Diyos, at nakikita na kayo
ay isang [b]nangaligaw at mga
nahulog na tao.
31 Ngayon ito ay nangyari na,
nang ako, si Alma, ay nangu-
sap ng mga salitang ito, mas-
dan, ang mga tao ay napoot sa
akin sapagkat sinabi ko sa kani-
la na sila ay mga taong matitigas
ang puso at [a]matitigas ang leeg.
32 At gayon din sapagkat sina-
bi ko sa kanila na sila ay nanga-
ligaw at mga nahulog na tao
sila ay nagalit sa akin, at nag-
hangad na pagbuhatan ako ng
kanilang mga kamay, upang ka-
nilang maitapon ako sa bilang-
guan.
33 Subalit ito ay nangyari na,
na sila ay hindi pinahintulutan
ng Panginoon na madakip ako
sa panahong yaon at maitapon
ako sa bilangguan.
34 At ito ay nangyari na, na si
Amulek ay humayo at tumin-
dig, at nagsimulang mangaral
din sa kanila. At ngayon, ang
mga [a]salita ni Amulek ay hindi
nasusulat na lahat, gayon pa
man isang bahagi ng kanyang
mga salita ay nasusulat sa aklat
na ito.

## KABANATA 10

*Si Lehi ay nagmula kay Manases—Isinalaysay ni Amulek ang mala-anghel na utos na kanyang kalingain si Alma—Ang mga panalangin ng mabubuti ang dahilan upang ang mga tao ay maligtas—Ang masasamang tagapagtanggol at mga hukom ang naglatag ng batayan ng pagkalipol ng mga tao. Mga 82 B.C.*

NGAYON ito ang mga [a]salitang
ipinangaral ni [b]Amulek sa mga
tao na nasa lupain ng Ammoni-
has, sinasabing:
2 Ako si Amulek; ako ay anak
ni Gidonas na anak ni Ismael,
na inapo ni Aminadi; at ito ay
yaon ding Aminadi na nagpali-

28*a* D at T 1:10; 6:33.
*b* Awit 7:16.
*c* GBK Kapahamakan.
30*a* 1 Juan 4:11.
*b* Alma 12:22.
31*a* 2 Ne. 25:28; Mos. 3:14.
34*a* Alma 10.
**10** 1*a* Alma 9:34.
*b* Alma 8:21–29.

wanag sa mga sulat na nasa dingding ng templo, na isinulat ng daliri ng Diyos.
3 At si Aminadi ay inapo ni Nephi, na anak ni Lehi, na nagmula sa lupain ng Jerusalem, na inapo ni [a]Manases, na anak ni [b]Jose na [c]ipinagbili sa Egipto ng mga kamay ng kanyang mga kapatid.
4 At masdan, ako rin ay isang lalaking kilala ang pangalan sa lahat ng yaong nakakikilala sa akin; oo, at masdan, ako ay maraming kaanak at mga [a]kaibigan, at ako rin ay nagkamit ng maraming kayamanan sa pamamagitan ng kamay ng aking kasipagan.
5 Gayon pa man, sa kabila ng lahat ng ito, kailanman ay hindi ko nalaman ang marami sa mga pamamaraan ng Panginoon, at ang kanyang mga [a]hiwaga at kagila-gilalas na kapangyarihan. Nasabi kong kailanman ay di ko nalaman ang marami sa mga bagay na ito; subalit masdan, ako ay nagkamali, dahil sa nakita ko ang marami sa kanyang mga hiwaga at ang kanyang kagila-gilalas na kapangyarihan; oo, maging sa pangangalaga sa buhay ng mga taong ito.
6 Gayon pa man, tinigasan ko ang aking puso, sapagkat ako ay [a]tinawag nang maraming ulit at ako ay tumangging [b]makinig; kaya nga nalalaman ko ang hinggil sa mga bagay na ito, gayon pa man, ako ay hindi makaaalam; anupa't ako ay nagpatuloy sa paghihimagsik laban sa Diyos sa kasamaan ng aking puso, maging hanggang sa ikaapat na araw ng ikapitong buwan na ito, na nasa ikasampung taon ng panunungkulan ng mga hukom.
7 Habang ako ay naglalakbay upang dalawin ang isang malapit na kaanak, masdan, isang [a]anghel ng Panginoon ang nagpakita sa akin at nagsabi: Amulek, magbalik sa iyong sariling tahanan, sapagkat iyong pakakainin ang isang propeta ng Panginoon; oo, isang banal na tao, piniling tao ng Diyos; sapagkat siya ay [b]nag-ayuno ng maraming araw dahil sa mga kasalanan ng mga taong ito, at siya ay nagugutom, at [c]tatanggapin mo siya sa iyong tahanan at pakakainin siya, at babasbasan ka niya at ang iyong sambahayan; at ang pagpapala ng Panginoon ay mapapasaiyo at sa iyong sambahayan.
8 At ito ay nangyari na, na sinunod ko ang tinig ng anghel, at nagbalik patungo sa aking tahanan. At habang ako ay paparoon natagpuan ko ang [a]lalaki na siyang sinabi ng anghel sa akin: Tatanggapin mo sa iyong tahanan—at masdan siya rin ang lalaking ito na nangungu-

3*a* Gen. 41:51; 1 Cron. 9:3.
*b* GBK Jose, Anak ni Jacob.
*c* Gen. 37:29–36.
4*a* Alma 15:16.
5*a* GBK Hiwaga ng Diyos, Mga.
6*a* Alma 5:37.
*b* D at T 39:9.
7*a* Alma 8:20.
*b* Alma 5:46; 6:6. GBK Ayuno, Pag-aayuno.
*c* Gawa 10:30–35.
8*a* Alma 8:19–21.

sap sa inyo hinggil sa mga ba-
gay ng Diyos.
9 At ang anghel ay nagsabi sa
akin na siya ay isang [a]banal na
tao; sa gayon nalalaman ko na
siya ay isang banal na tao sa-
pagkat ito ay sinabi ng isang
anghel ng Diyos.
10 At muli, nalalaman ko na
ang mga bagay na pinatotoha-
nan niya ay totoo; sapagkat
masdan sinasabi ko sa inyo, na
yamang buhay ang Panginoon,
gayon pa man isinugo niya ang
kanyang [a]anghel upang ang
mga bagay na ito ay ipaalam sa
akin; at ito ay ginawa niya sa-
mantalang itong si Alma ay [b]na-
malagi sa aking tahanan.
11 Sapagkat masdan, [a]binas-
basan niya ang aking sambaha-
yan, kanyang binasbasan ako, at
ang aking kababaihan, at ang
aking mga anak, at ang aking
ama at aking mga kaanak; oo,
maging ang lahat ng aking ang-
kan ay binasbasan niya, at ang
pagpapala ng Panginoon ay na-
pasaamin alinsunod sa mga sa-
litang sinabi niya.
12 At ngayon, nang sabihin
ni Amulek ang mga salitang
ito, ang mga tao ay nagsimu-
lang manggilalas, nakikitang
may [a]higit pa kaysa sa isang
saksi na nagpatotoo sa mga ba-
gay ng yaong sa kanila ay ipi-
nararatang, at gayon din sa
mga bagay na darating, alinsu-
nod sa diwa ng propesiya na
nasa kanila.
13 Gayon pa man, may ilan sa
kanila ang nagbalak na tanu-
ngin sila, na sa pamamagitan ng
kanilang mga tusong [a]pama-
maraan ay baka sakaling kani-
lang mahuli sila sa kanilang
mga salita, upang sila ay maka-
kuha ng patunay laban sa kani-
la, nang kanilang madala sila
sa kanilang mga hukom upang
sila ay mahatulan alinsunod sa
batas, at upang sila ay mapatay
o maitapon sa bilangguan, alin-
sunod sa mabigat na kasalanang
magagawa nilang maipakita o
mapatunayan laban sa kanila.
14 Ngayon, ito yaong mga ta-
ong naghahangad na lipulin
sila, yaong mga [a]mananang-
gol, na mga inupahan o hini-
rang ng mga tao na magpatu-
pad ng batas sa panahon ng ka-
nilang mga paglilitis, o sa mga
paglilitis ng mabibigat na ka-
salanan ng mga tao sa harapan
ng mga hukom.
15 Ngayon, ang mga mana-
nanggol na ito ay marunong sa
lahat ng pamamaraan at katusu-
han ng mga tao; at ito ay upang
matulungan sila na maging bi-
hasa sa kanilang tungkulin.
16 At ito ay nangyari na, na
sinimulan nilang tanungin si
Amulek, upang magawa nilang
lituhin siya sa kanyang mga sa-
lita, o salungatin ang mga sali-
tang sasabihin niya.
17 Ngayon hindi nila nalala-
man na maaaring malaman ni
Amulek ang kanilang mga ba-
lak. Subalit ito ay nangyari na,
nang simulan nilang tanungin

9*a* GBK Banal (pang-uri).
10*a* Alma 11:30–31.
*b* Alma 8:27.
11*a* Alma 8:22.
12*a* Alma 9:6.
13*a* Alma 11:21.
14*a* Alma 10:24; 11:20–21; 14:18.

siya, na [a]nahiwatigan niya ang kanilang mga iniisip, at sinabi niya sa kanila: O kayong masasama at balakyot na [b]salinlahi, kayong mga manananggol at mapagkunwari, sapagkat inyong inilalatag ang mga saligan ng diyablo; sapagkat kayo ay naglalagay ng mga [c]silo at patibong upang hulihin ang mga banal ng Diyos.

18 Kayo ay nagpaplano ng mga balak upang [a]iligaw ang mga pamamaraan ng mabubuti, at upang ibaba ang poot ng Diyos sa kanilang mga ulo, maging hanggang sa lubusang pagkalipol ng mga taong ito.

19 Oo, tama ang sinabi ni Mosias, na ating huling hari, nang handa na niyang ibigay ang kaharian, dahil sa wala ni isa mang paggagawaran nito, ay pinapangyaring pamahalaan ang mga taong ito ng kanilang sariling mga tinig—oo, tama ang kanyang sinabi na kung darating ang panahon na ang tinig ng mga taong ito ay [a]piliin ang kasamaan, yaon ay, kung darating ang panahon na ang mga taong ito ay mahulog sa paglabag, sila'y mahihinog sa pagkalipol.

20 At ngayon sinasabi ko sa inyo na tama lamang na hatulan ng Panginoon ang inyong kasamaan; tama na siya'y magpahayag sa mga taong ito, sa pamamagitan ng tinig ng kanyang mga [a]anghel: Magsisi kayo, magsisi, sapagkat ang kaharian ng langit ay nalalapit na.

21 Oo, tama na siya ay magpahayag, sa pamamagitan ng tinig ng kanyang mga anghel na: [a]Ako ay mananaog sa aking mga tao, dala ang katarungan at katwiran sa aking mga kamay.

22 Oo, sinasabi ko sa inyo na kung hindi dahil sa mga [a]panalangin ng mabubuti, na ngayon ay nasa lupain, na kahit ngayon kayo ay dadalawin ng lubusang pagkalipol; gayon man, ito ay hindi sa pamamagitan ng [b]baha, na tulad ng mga tao noong mga araw ni Noe, kundi ito ay sa pamamagitan ng taggutom, at sa pamamagitan ng salot, at ng espada.

23 Subalit dahil sa mga [a]panalangin ng mabubuti kung kaya't kayo'y naligtas; ngayon samakatwid, kung inyong itataboy ang mabubuti mula sa inyo sa gayon ay hindi pipigilan ng Panginoon ang kanyang kamay; kundi sa kanyang masidhing galit siya ay paparito laban sa inyo; pagkatapos kayo'y babagabagin sa pamamagitan ng taggutom, at sa pamamagitan ng salot, at sa pamamagitan ng espada; at ang [b]panahon ay nalalapit na maliban kung kayo'y magsisisi.

24 At ngayon ito ay nangyari

17*a* Alma 12:3; 20:18, 32; D at T 6:16.
*b* Mat. 3:7; Alma 9:8.
*c* D at T 10:21–27.
18*a* Gawa 13:10.
19*a* Mos. 29:27; Alma 2:3–7; Hel. 5:2.
20*a* Alma 8:14–16; 13:22.
21*a* Mos. 13:34.
22*a* Sant. 5:16; Mos. 27:14–16.
*b* Gen. 8:21; 3 Ne. 22:8–10. GBK Baha sa Panahon ni Noe.
23*a* GBK Panalangin.
*b* Alma 34:32–35.

na, na ang mga tao ay lalong nagalit kay Amulek, at sila'y nagsigawan, sinasabing: Nilalait ng taong ito ang ating mga batas na makatarungan, at ang ating matatalinong manananggol na pinili natin.
25 Subalit iniunat ni Amulek ang kanyang kamay, at sumigaw nang higit na malakas kaysa sa kanila, sinasabing: O kayong masasama at balakyot na salinlahi, bakit may malakas na pagkakahawak si Satanas sa inyong mga puso? Bakit ninyo ipinasailalim ang inyong sarili sa kanya upang siya ay magkaroon ng kapangyarihan sa inyo, na [a]bulagin ang inyong mga mata, kung kaya't hindi ninyo maunawaan ang mga salitang sinabi, alinsunod sa katotohanan ng mga ito?
26 Sapagkat masdan, ako ba ay nagpatotoo laban sa inyong batas? Kayo ay hindi nakauunawa; sinasabi ninyo na ako ay nangusap laban sa inyong batas; subalit hindi ko ginawa ang gayon, kundi ako'y nangusap sang-ayon sa inyong batas, tungo sa inyong pagkasumpa.
27 At ngayon masdan, sinasabi ko sa inyo, na ang saligan ng pagkalipol ng mga taong ito ay nagsisimula nang ilatag ng mga kasamaan ng inyong mga [a]manananggol at inyong mga hukom.
28 At ngayon ito ay nangyari na, nang sabihin ni Amulek ang mga salitang ito na ang mga tao ay nagsigawan laban sa kanya, sinasabing: Ngayon nalalaman namin na ang taong ito ay anak ng diyablo, sapagkat siya ay [a]nagsinungaling sa atin; sapagkat siya ay nangusap laban sa ating batas. At ngayon sinasabi niyang siya ay hindi nangusap laban dito.
29 At muli, kanyang nilait ang ating mga manananggol, at ang ating mga hukom.
30 At ito ay nangyari na, na inilagay ng mga manananggol sa kanilang mga puso na dapat nilang tandaan ang mga bagay na ito laban sa kanya.
31 At may isa sa kanila na ang pangalan ay Zisrom. Ngayon, siya ang nangunguna sa [a]pagpaparatang kina Amulek at Alma, siya na isa sa pinakabihasa sa kanila, na may maraming gawaing ginagawa sa mga tao.
32 Ngayon, ang layunin ng mga manananggol na ito ay upang makinabang; at sila ay kumikita alinsunod sa kanilang upa.

## KABANATA 11

*Ang paraan ng pananalapi ng mga Nephita ay itinakda—Si Amulek ay nakipagtalo kay Zisrom—Hindi ililigtas ni Cristo ang mga tao sa kanilang mga kasalanan—Yaon lamang magmamana ng kaharian ng langit ang maliligtas—Lahat ng tao ay magbabangon sa kawalang-kamatayan—Wala nang kamatayan pagkatapos ng Pagkabuhay na mag-uli. Mga 82* B.C.

NGAYON nasa batas ni Mosias

25*a* 2 Cor. 4:4; Alma 14:6.
27*a* Lu. 11:45–52.
28*a* Alma 14:2.
31*a* Alma 11:20–36.

na bawat tao na isang hukom ng batas, o yaong mga nahirang na maging mga hukom, ay dapat tumanggap ng kabayaran alinsunod sa panahon na kanilang ipinagpagal sa paghahatol doon sa mga yaong dinala sa harapan nila upang hatulan.

2 Ngayon, kung ang isang tao ay may utang sa isa, at ayaw niyang bayaran ang kanyang inutang, siya ay isasakdal sa hukom; at pinaiiral ng hukom ang karapatan, at nagsusugo ng mga pinuno upang ang tao ay dalhin sa harapan niya; at hahatulan niya ang tao alinsunod sa batas at sa mga katibayang dinala laban sa kanya, at sa gayon ang tao ay mapipilitang magbayad ng kanyang inutang, o hubaran, o palayasin sa mga tao na tulad ng isang magnanakaw at isang tulisan.

3 At ang hukom ay tatanggap ng kanyang kabayaran alinsunod sa kanyang panahon—isang senine ng ginto para sa isang araw, o isang senum ng pilak, na katumbas ng isang senine ng ginto; at ito ay alinsunod sa batas na ibinigay.

4 Ngayon, ito ang mga katawagan ng iba't ibang piraso ng kanilang ginto, at ng kanilang pilak, alinsunod sa halaga nito. At ang mga katawagan ay ibinigay ng mga Nephita, sapagkat hindi nila kinuwenta ito alinsunod sa pamamaraan ng mga Judio na nasa Jerusalem; ni nagsusukat sila alinsunod sa pamamaraan ng mga Judio, kundi kanilang binago ang kanilang pagkuwenta at pagsukat, alinsunod sa mga isip at sa mga pangyayari sa mga tao, sa bawat salinlahi hanggang sa panunungkulan ng mga hukom, ang mga yaon ang [a]itinakda ni haring Mosias.

5 Ngayon, ang pagkuwenta ay ganito—Isang senine ng ginto, isang seon ng ginto, isang shum ng ginto, at isang limnas ng ginto.

6 Isang senum ng pilak, isang amnor ng pilak, isang ezrom ng pilak, at isang onti ng pilak.

7 Ang isang senum ng pilak ay katumbas ng isang senine ng ginto, at alinman sa dalawa para sa isang sukat ng cebada at, gayundin para sa isang sukat ng bawat uri ng butil.

8 Ngayon, ang halaga ng isang seon ng ginto ay dalawang ulit ng halaga ng isang senine.

9 At ang isang shum ng ginto ay dalawang ulit sa halaga ng isang seon.

10 At ang isang limnas ng ginto ay halaga nilang lahat.

11 At ang isang amnor ng pilak ay kasinghalaga ng dalawang senum.

12 At ang isang ezrom ng pilak ay kasinghalaga ng apat na senum.

13 At ang isang onti ay kasinghalaga nilang lahat.

14 Ngayon, ito ang halaga ng mas maliit na bilang ng kanilang pagkuwenta—

15 Ang isang siblon ay kalahati ng isang senum; anupa't ang

**11** 4*a* Mos. 29:40–44.

isang siblon para sa kalahati ng
sukat ng cebada.
16 At ang isang siblum ay kala-
hati ng isang siblon.
17 At ang isang lea ay kalahati
ng isang siblum.
18 Ngayon, ito ang kanilang bi-
lang alinsunod sa kanilang pag-
kuwenta.
19 Ngayon, ang isang antion
ng ginto ay katumbas ng tatlong
siblon.
20 Ngayon, ito ay para sa nata-
tanging layunin na makinabang,
dahil sa tinatanggap nila ang
kanilang kabayaran alinsunod
sa kanilang gawain, kaya nga,
kanilang pinupukaw ang mga
tao sa panliligalig, at sa lahat
ng uri ng panggugulo at kasa-
maan, upang sila ay magkaroon
ng marami pang gawain, upang
sila ay [a]makakuha ng salapi
alinsunod sa mga sakdal na di-
nadala sa harapan nila; anupa't
kanilang pinupukaw ang mga
tao laban kina Alma at Amulek.
21 At itong si Zisrom ay nagsi-
mulang tanungin si Amulek, si-
nasabing: Maaari bang sagutin
mo ang ilang katanungan na
aking itatanong sa iyo? Ngayon,
si Zisrom ay isang lalaking biha-
sa sa mga [a]pamamaraan ng di-
yablo, upang kanyang mawasak
yaong mabuti; kaya nga, sinabi
niya kay Amulek: Maaari mo
bang sagutin ang mga katanu-
ngan na aking itatanong sa iyo?
22 At sinabi ni Amulek sa kan-
ya: Oo, kung ito ay naaayon sa
[a]Espiritu ng Panginoon, na nasa
akin; sapagkat wala akong anu-
mang sasabihin na salungat sa
Espiritu ng Panginoon. At sina-
bi ni Zisrom sa kanya: Masdan,
narito ang anim na onti ng pilak,
at ang lahat ng ito ay ibibigay ko
sa iyo kung iyong itatatwa ang
pagkakaroon ng isang Kataas-
taasang Katauhan.
23 Ngayon, sinabi ni Amulek:
O ikaw na [a]anak ng impiyerno,
bakit mo ako [b]tinutukso? Nala-
laman mo ba na ang mabubuti
ay hindi nagpapadaig sa mga
ganyang tukso?
24 Naniniwala ka ba na walang
Diyos? Sinasabi ko sa iyo, Hindi,
nalalaman mo na may Diyos,
ngunit iyong minamahal yaong
[a]kayamanan nang higit kaysa
sa kanya.
25 At ngayon, ikaw ay nagsi-
nungaling sa akin sa harapan ng
Diyos. Sinabi mo sa akin—Mas-
dan, ito ang anim na onti, na
malaki ang halaga, ibibigay ko
sa iyo—gayong ang nasa iyong
puso ay ipagkait iyon sa akin;
at ang tanging layunin mo ay
ikaila ko ang totoo at buhay na
Diyos, upang ikaw ay magka-
roon ng dahilan na ako ay wa-
sakin. At ngayon masdan, dahil
sa malaking kasamaang ito ay
tatanggapin mo ang iyong gan-
timpala.
26 At sinabi ni Zisrom sa kan-
ya: Sinasabi mo na may isang
totoo at buhay na Diyos?
27 At sinabi ni Amulek: Oo,
may totoo at buhay na Diyos.
28 Ngayon, sinabi ni Zisrom:

20*a* Alma 10:32.
21*a* Alma 10:13.
22*a* GBK Espiritu Santo.
23*a* Alma 5:41.
*b* GBK Tukso, Panunukso.
24*a* 1 Tim. 6:10; Tit. 1:11.

Mayroon bang higit sa isang
Diyos?
29 At siya ay sumagot, Wala.
30 Ngayon, sinabing muli sa
kanya ni Zisrom: Paano mong
nalaman ang mga bagay na ito?
31 At sinabi niya: Isang [a]anghel
ang nagpabatid nito sa akin.
32 At sinabing muli ni Zisrom:
Sino siya na paparito? Ito ba ang
Anak ng Diyos?
33 At sinabi niya sa kanya, Oo.
34 At sinabing muli ni Zisrom:
Ililigtas ba niya ang kanyang
mga tao [a]sa kanilang mga kasa-
lanan? At sinagot siya ni Amu-
lek at sinabi sa kanya: Sinasa-
bi ko sa iyo, hindi niya ito ga-
gawin, sapagkat hindi maaaring
ikaila niya ang kanyang salita.
35 Ngayon, sinabi ni Zisrom sa
mga tao: Tiyaking matatandaan
ninyo ang mga bagay na ito; sa-
pagkat sinabi niya na may isang
Diyos lamang, gayunman sinabi
niyang ang Anak ng Diyos ay
paparito, subalit hindi niya ili-
ligtas ang kanyang mga tao—na
para bang mayroon siyang ka-
rapatang utusan ang Diyos.
36 Ngayon, muling sinabi ni
Amulek sa kanya: Masdan, ikaw
ay nagsinungaling, sapagkat si-
nabi mo na ako ay nagsalita na
para bang ako ay may karapa-
tang utusan ang Diyos dahil sa
sinabi kong hindi niya ililigtas
ang kanyang mga tao sa kani-
lang mga kasalanan.
37 At sinasabi ko sa inyong
muli na hindi niya sila maililig-
tas sa kanilang mga [a]kasala-
nan; sapagkat hindi ko maika-
kaila ang kanyang salita, at
sinabi niya na [b]walang maru-
ming bagay ang magmamana
ng [c]kaharian ng langit; sama-
katwid, paano kayong maliligtas,
maliban kung kayo ay
magmamana ng kaharian ng
langit? Anupa't, kayo ay hindi
maliligtas sa inyong mga kasa-
lanan.
38 Ngayon, sinabing muli ni
Zisrom sa kanya: Ang Anak ng
Diyos ba ang siya ring Amang
Walang Hanggan?
39 At sinabi ni Amulek sa kan-
ya: Oo, siya rin ang [a]Amang
Walang Hanggan ng langit at
ng lupa, at ng [b]lahat ng bagay
na naroroon; siya ang simula
at ang katapusan, ang una at
ang huli;
40 At siya ay paparito sa [a]daig-
dig upang [b]tubusin ang kan-
yang mga tao; at kanyang [c]aaku-
in ang mga pagkakasala ng mga
naniniwala sa kanyang panga-
lan; at sila yaong magkakaroon
ng buhay na walang hanggan,
at ang kaligtasan ay darating sa
wala nang iba.
41 Anupa't ang masasama ay
mananatili na parang [a]walang
pagtubos na ginawa, maliban
sa pagkakalag ng mga gapos ng
kamatayan; sapagkat masdan,

31*a* Alma 10:7–10.
34*a* Hel. 5:10–11.
37*a* 1 Cor. 6:9–10.
*b* 1 Ne. 15:33; Alma 40:26; 3 Ne. 27:19. gbk Makasalanan.
*c* gbk Kaharian ng Diyos o Kaharian ng Langit.
39*a* Is. 9:6.
*b* Col. 1:16; Mos. 4:2.
40*a* gbk Daigdig.
*b* Rom. 11:26–27.
*c* Ex. 34:6–7; Is. 53:5; 1 Juan 2:2; Mos. 14:5; 15:12; D at T 19:16–19.
41*a* Alma 12:18; D at T 88:33.

darating ang araw na ang [b]lahat ay magbabangon mula sa patay at tatayo sa harapan ng Diyos, at [c]hahatulan alinsunod sa kanilang mga gawa.

42 Ngayon, may isang kamatayan na tinatawag na temporal na kamatayan; at ang kamatayan ni Cristo ang magkakalag ng mga [a]gapos ng temporal na kamatayang ito, na ang lahat ay magbabangon mula sa temporal na kamatayang ito.

43 Ang espiritu at ang katawan ay [a]magsasamang muli sa kanyang ganap na anyo; kapwa ang biyas at kasu-kasuan ay ibabalik sa wastong pangangatawan, maging kagaya natin ngayon sa sandaling ito; at tayo ay dadalhin upang tumayo sa harapan ng Diyos, nakaaalam gaya ng nalalaman natin ngayon, at may malinaw na [b]alaala ng lahat ng ating mga [c]pagkakasala.

44 Ngayon, ang panunumbalik na ito ay darating sa lahat, kapwa matanda at bata, kapwa alipin at malaya, kapwa lalaki at babae, kapwa masama at mabuti; at maging doon ay hindi mawawala kahit isang buhok sa kanilang mga ulo, kundi bawat bagay ay [a]manunumbalik sa kanyang ganap na kabuuan, gaya sa ngayon, o sa katawan, at dadalhin at lilitisin sa harapan ng hukuman ni Cristo, ang Anak, at Diyos [b]Ama, at ng Banal na Espiritu, na [c]isang Diyos na Walang Hanggan, upang [d]hatulan alinsunod sa kanilang mga gawa, kung sila ay mabubuti, o kung sila ay masasama.

45 Ngayon, masdan, sinabi ko sa inyo ang hinggil sa kamatayan ng katawang-lupa, at gayundin ang [a]pagkabuhay na mag-uli ng katawang-lupa. Sinasabi ko sa inyo na ang katawang-lupang ito ay [b]babangon sa isang [c]walang kamatayang katawan, ibig sabihin mula sa kamatayan, maging mula sa unang kamatayan tungo sa pagkabuhay, upang sila ay hindi na [d]mamatay muli; ang kanilang mga espiritu ay sasamang muli sa kanilang mga katawan, at hindi na maghihiwalay pa kailanman; sa gayon, sa kabuuan ay magiging [e]espirituwal at walang kamatayan upang sila ay hindi na muling makakita pa ng kabulukan.

46 Ngayon, nang matapos ni Amulek ang mga salitang ito, ang mga tao ay muling nagsimulang manggilalas, at gayundin, si Zisrom ay nagsimulang manginig. At sa gayon natapos ang mga salita ni Amulek, o ito ang lahat ng aking naisulat.

41*b* Apoc. 20:12–13; Alma 42:23.
*c* GBK Paghuhukom, Ang Huling.
42*a* Alma 12:16.
43*a* 2 Ne. 9:13; Alma 40:23.
*b* 2 Ne. 9:14; Mos. 3:25; Alma 5:18.
*c* GBK Pagkakasala.
44*a* Alma 41:12–15.
*b* GBK Diyos, Panguluhang Diyos—Diyos Ama.
*c* 3 Ne. 11:27, 36. GBK Diyos, Panguluhang Diyos.
*d* Apoc. 20:12–13.
45*a* Alma 40:23; D at T 88:16.
*b* GBK Pagkabuhay na Mag-uli.
*c* GBK Kawalang-kamatayan, Walang Kamatayan.
*d* Apoc. 21:4; D at T 63:49; 88:116.
*e* 1 Cor. 15:44.

## KABANATA 12

*Si Alma ay nakipagtalo kay Zisrom —Ang mga hiwaga ng Diyos ay maibibigay lamang sa matatapat —Ang mga tao ay hahatulan alinsunod sa kanilang mga pag-iisip, paniniwala, salita, at gawa—Ang masasama ay magdurusa ng kamatayang espirituwal—Ang may kamatayang buhay na ito ay isang pagsubok na kalagayan—Ang plano ng pagtubos ay pinapapangyari ang Pagkabuhay na mag-uli, at sa pamamagitan ng pananampalataya, ang kapatawaran ng mga kasalanan—Ang nagsisisi ay makaaangkin ng awa sa pamamagitan ng Bugtong na Anak. Mga 82 B.C.*

NGAYON si Alma, nang makitang ang mga salita ni Amulek ay nakapagpatahimik kay Zisrom, sapagkat namasdan niyang nahuli siya ni Amulek sa kanyang mga [a]kasinungalingan at panlilinlang upang siya ay wasakin, at nang makitang siya ay nagsimulang manginig sa [b]pagkaalam nito ng kanyang pagkakasala, binuksan niya ang kanyang bibig at nagsimulang mangusap sa kanya, at pagtibayin ang mga salita ni Amulek, at ipaliwanag pa nang higit ang mga bagay, o ilahad ang mga banal na kasulatan nang higit sa ginawa ni Amulek.
2 Ngayon, ang mga salitang sinabi ni Alma kay Zisrom ay narinig ng mga tao sa palibot; sapagkat ang mga tao ay napakarami, at siya ay nagsalita sa ganitong paraan:
3 Ngayon Zisrom, nakita mo na ikaw ay nahuli sa iyong mga kasinungalingan at katusuhan, sapagkat ikaw ay nagsinungaling hindi lamang sa mga tao, kundi ikaw ay nagsinungaling sa Diyos; sapagkat masdan, nalalaman niya ang lahat ng iyong [a]iniisip, at iyong nakita na ang nasasaisip mo ay nagawang ipaalam sa amin ng kanyang Espiritu;
4 At nakita mong alam namin na ang iyong balak ay isang napakatusong balak, katulad ng katusuhan ng diyablo, upang magsinungaling at linlangin ang mga taong ito nang sila'y mamuhi laban sa amin, upang kami ay laitin at upang kami ay maitaboy—
5 Ngayon, ito ang balak ng iyong [a]kaaway, at kanyang ginagamit ang kanyang kapangyarihan sa iyo. Ngayon, nais kong iyong pakatandaan na kung ano ang sinasabi ko sa iyo ay sinasabi ko sa lahat.
6 At masdan, sinasabi ko sa inyong lahat na ito ay isang patibong ng kaaway na kanyang inilatag upang mahuli ang mga taong ito, nang kayo ay mapasailalim sa kanya, upang maigapos niya kayo ng kanyang mga [a]tanikala, nang maitanikala niya kayo sa walang hanggang pagkawasak, alinsunod sa kapangyarihan ng kanyang pagkabihag.

**12** 1*a* Alma 11:20–38.
*b* GBK Budhi.
3*a* Jac. 2:5; Alma 10:17; D at T 6:16.
5*a* GBK Diyablo.
6*a* Alma 5:7–10.

7 Ngayon, nang sabihin ni
Alma ang mga salitang ito, si
Zisrom ay nagsimulang mangi-
nig nang labis, sapagkat siya ay
lalo pang napaniwala sa ka-
pangyarihan ng Diyos, at siya
ay napaniwala rin na sina Alma
at Amulek ay may nalalaman
tungkol sa kanya, sapagkat siya
ay naniniwalang alam nila ang
mga nasasaisip at layunin ng
kanyang puso; sapagkat ang ka-
pangyarihan ay ibinigay sa ka-
nila, na kanilang malaman ang
mga bagay na ito alinsunod sa
diwa ng propesiya.
8 At si Zisrom ay nagsimulang
magtanong nang buong sigasig
sa kanila, upang kanyang ma-
laman pa ang hinggil sa kahari-
an ng Diyos. At sinabi niya kay
Alma: Ano ang ibig sabihin ng
sinabing ito ni Amulek hinggil
sa pagkabuhay na mag-uli ng
mga patay, na ang lahat ay mag-
babangon mula sa patay, kapwa
ang makatarungan at hindi ma-
katarungan ay dadalhin upang
tumayo sa harapan ng Diyos
upang hatulan alinsunod sa ka-
nilang mga gawa?
9 At ngayon, nagsimulang ipa-
liwanag ni Alma ang mga
bagay na ito sa kanya, sinasa-
bing: Ibinigay sa marami na
malaman ang mga [a]hiwaga ng
Diyos; gayunpaman, sila ay
pinasailalim sa isang mahigpit
na pag-uutos na hindi nila ipa-
mamahagi [b]tanging alinsunod
lamang sa bahagi ng kanyang
salita na ipinagkaloob niya
sa mga anak ng tao, alinsu-
nod sa pagtalima at pagsusu-
mikap na kanilang ibinigay sa
kanya.
10 At kaya nga, siya na [a]magpa-
patigas ng kanyang puso, siya
rin ang tatanggap ng higit na
[b]maliit na bahagi ng salita; at
siya na [c]hindi magpapatigas ng
kanyang puso, sa kanya ay [d]ibi-
bigay ang higit na malaking ba-
hagi ng salita, hanggang sa ibi-
gay sa kanya na malaman ang
hiwaga ng Diyos, hanggang sa
kanyang malamang ganap ang
mga ito.
11 At sila na magpapatigas ng
kanilang mga puso, sa kanila
ay ibibigay ang higit na maliit
na [a]bahagi ng salita hanggang
sa wala na silang [b]malaman pa
hinggil sa kanyang mga hiwaga;
at pagkatapos, sila ay kukuning
bihag ng diyablo, at aakayin ng
kanyang kagustuhan tungo sa
pagkawasak. Ngayon, ito ang
ibig sabihin ng mga [c]tanikala
ng [d]impiyerno.
12 At si Amulek ay nagsalita
nang malinaw hinggil sa [a]kama-
tayan, at ang pagbabangon mula
sa may kamatayang ito tungo sa
isang kalagayang walang kama-
tayan, at ang pagdadala sa ha-

9*a* Alma 26:22. GBK Hiwaga ng Diyos, Mga.
*b* Juan 16:12; Alma 29:8; 3 Ne. 26:8–11; Eter 4:7.
10*a* 2 Ne. 28:27; Eter 4:8.
*b* D at T 93:39.
*c* GBK Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba.
*d* 2 Ne. 28:30; D at T 50:24.
11*a* Mat. 25:29.
*b* GBK Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan.
*c* Juan 8:34; 2 Ne. 28:19.
*d* Kaw. 9:18; 2 Ne. 2:29. GBK Impiyerno.
12*a* Alma 11:41–45.

rapan ng [b]hukuman ng Diyos
upang hatulan alinsunod sa
ating mga gawa.
13 Pagkatapos, kung ang ating
mga puso ay naging matigas,
oo, kung pinatigas natin ang
ating mga puso laban sa salita,
kung kaya't yaon ay hindi na-
tagpuan sa atin, kung magkaka-
gayon ang ating kalagayan ay
magiging nakapanghihilakbot,
at sa gayon tayo ay huhusgahan.
14 Sapagkat ang ating mga [a]sa-
lita ang hahatol sa atin, oo, lahat
ng ating mga gawa ang hahatol
sa atin; tayo ay hindi matatag-
puang walang bahid-dungis; at
ang ating mga pag-iisip ang ha-
hatol din sa atin; at dito sa na-
kapanghihilakbot na kalagayan,
tayo ay hindi mangangahas na
tumingin sa ating Diyos; at tayo
ay magagalak kung ating mau-
utusan ang mga bato at ang mga
[b]bundok na bumagsak sa atin
upang [c]itago tayo mula sa kan-
yang harapan.
15 Datapwat hindi ito maaari;
tayo ay kailangang lumabas at
tumayo sa harapan niya sa kan-
yang kaluwalhatian, at sa kan-
yang kapangyarihan, at sa kan-
yang lakas, kamahalan, at pa-
mahalaan, at kilalanin sa ating
walang hanggang [a]kahihiyan na
ang lahat ng kanyang mga [b]ha-
tol ay makatarungan, na siya ay
makatarungan sa lahat ng kan-
yang mga gawa, at na siya ay
maawain sa mga anak ng tao, at
na taglay niya ang lahat ng ka-
pangyarihan upang iligtas ang
bawat taong naniniwala sa kan-
yang pangalan at namumunga
ng bunga na karapat-dapat sa
pagsisisi.
16 At ngayon masdan, sinasabi
ko sa inyo na darating ang isang
kamatayan, maging ang ikala-
wang [a]kamatayan, na isang ka-
matayang espirituwal; at ito ang
sandali na sinuman ang nama-
tay sa kanyang mga kasalanan,
kagaya ng isang temporal na
[b]kamatayan, ay [c]mamamatay rin
ng kamatayang espirituwal; oo,
siya ay mamamatay sa mga ba-
gay na nauukol sa kabutihan.
17 At iyon ang sandali na ang
kanilang mga pagdurusa ay
magiging kagaya ng isang
[a]lawa ng apoy at asupre, na ang
ningas ay pumapailanglang
magpakailanman at walang ka-
tapusan; at iyon ang sandali
na sila ay tatanikalaan pababa
sa isang walang hanggang pag-
kawasak, alinsunod sa kapang-
yarihan at pagkabihag ni Sata-
nas, siya na nagpasailalim sa
kanila alinsunod sa kanyang
kagustuhan.
18 Kung magkakagayon, si-
nasabi ko sa iyo, para bang
[a]walang pagtubos na ginawa sa
kanila; sapagkat sila ay hindi
matutubos alinsunod sa kata-
rungan ng Diyos; at sila ay hindi

12*b* GBK Paghuhukom, Ang Huling.
14*a* Mat. 12:36; Sant. 3:6; Mos. 4:29–30.
*b* Os. 10:8; 2 Ne. 26:5.
*c* Job 34:22; 2 Ne. 12:10.
15*a* Mos. 3:25.
*b* 2 Ped. 2:9. GBK Katarungan.
16*a* GBK Kamatayan, Espirituwal na.
*b* Alma 11:40–45.
*c* 1 Ne. 15:33; Alma 40:26.
17*a* Apoc. 19:20; 21:8; Mos. 3:27.
18*a* Alma 11:41.

[b]mamamatay, nakikitang wala
nang kabulukan.
19 Ngayon, ito ay nangyari na,
nang matapos na si Alma ng
pagsasalita ng mga salitang ito,
ang mga tao ay nagsimulang
lalong manggilalas;
20 Subalit may isang Antionas,
na siyang punong tagapama-
hala sa kanila, na lumapit at
nagsabi sa kanya: Ano itong si-
nabi mo na ang tao ay mag-
babangon mula sa pagkamatay
at mababago mula sa pagiging
may kamatayan tungo sa [a]wa-
lang kamatayang kalagayan, na
ang kaluluwa ay hindi kailan-
man mamamatay?
21 Ano ang ibig sabihin ng ba-
nal na kasulatan, na nagsasa-
bing ang Diyos ay naglagay ng
mga [a]querubin at isang nagba-
bagang espada sa silangan ng
halamanan ng [b]Eden, at baka
ang ating mga unang magu-
lang ay makapasok at makaka-
in ng bunga ng punungkahoy
ng buhay, at mabuhay magpa-
kailanman? At sa gayon naki-
kita natin na walang pagkaka-
taon na sila ay mabuhay mag-
pakailanman.
22 Ngayon sinabi ni Alma sa
kanya: Ito ang bagay na akin
sanang ipaliliwanag. Ngayon
nakita natin na si Adan ay [a]nahu-
log dahil sa pagkain ng ipinag-
babawal na [b]bunga, alinsunod
sa salita ng Diyos; at sa gayon
nakikita natin, na sa kanyang
pagkahulog, ang buong sangka-
tauhan ay naging isang [c]ligaw at
mga nahulog na tao.
23 At ngayon masdan, sinasabi
ko sa inyo na kung nangyari na
si Adan ay [a]nakakain ng bunga
ng punungkahoy ng buhay no-
ong panahong yaon ay hindi na
sana nagkaroon ng kamatayan,
at ang salita ay mawawalang-
saysay, at gagawin ang Diyos
na isang sinungaling, sapagkat
kanyang sinabi: [b]Kung ikaw ay
kakain, ikaw ay tiyak na mama-
matay.
24 At nakikita natin na ang
[a]kamatayan ay sumasapit sa
sangkatauhan, oo, ang kama-
tayang sinasabi ni Amulek, na
temporal na kamatayan; gayun-
paman, may isang panahong
ipinagkaloob sa [b]tao kung ka-
ilan siya ay maaaring magsisi;
anupa't ang buhay na ito ay na-
ging isang pagsubok na kalaga-
yan; isang panahon upang [c]mag-
handa sa pagharap sa Diyos;
isang panahon upang maghan-
da para sa walang hanggang ka-
lagayan na sinasabi namin, na
pagkatapos ng pagkabuhay na
mag-uli ng mga patay.
25 Ngayon, kung hindi dahil
sa [a]plano ng pagtubos, na inila-
tag mula pa sa pagkakatatag ng
daigdig, hindi sana magkaka-

18*b* Apoc. 21:4; Alma 11:45; D at T 63:49.
20*a* GBK Kawalang-kamatayan, Walang Kamatayan.
21*a* Gen. 3:24; Alma 42:2; Moi. 4:31. GBK Kerubin, Mga.
*b* GBK Eden.
22*a* GBK Pagkahulog nina Adan at Eva.
*b* Gen. 3:6; 2 Ne. 2:15–19; Mos. 3:26.
*c* Mos. 16:4–5.
23*a* Alma 42:2–9.
*b* Gen. 2:17.
24*a* GBK Kamatayan, Pisikal na.
*b* 2 Ne. 2:21; Moi. 5:8–12.
*c* Alma 34:32–35.
25*a* GBK Plano ng Pagtubos.

roon ng [b]pagkabuhay na mag-
uli ang mga patay; ngunit may
isang plano ng pagtubos na ini-
latag, na magpapangyari sa pag-
kabuhay na mag-uli ng mga pa-
tay, na sinasabi.
26 At ngayon masdan, kung
nangyari lamang na ang ating
mga unang magulang ay naka-
hayo at nakakain ng bunga ng
[a]punungkahoy ng buhay, sila
sana ay naging kaaba-aba mag-
pakailanman, walang pagkaka-
taong makapaghanda; at kung
nagkagayon, ang [b]plano ng pag-
tubos ay nahadlangan; at ang
salita ng Diyos ay nawalang-
saysay at nawalan ng bisa.
27 Subalit masdan, ito ay hindi
gayon; kundi [a]itinakda sa tao na
sila ay kailangang mamatay; at
pagkatapos ng kamatayan, sila
ay haharap sa [b]paghuhukom,
maging katulad ng paghuhu-
kom na aming sinabi, na siyang
katapusan.
28 At matapos itakda ng Diyos
na ang mga bagay na ito ay sa-
sapit sa tao, masdan, pagkata-
pos nakita niya na kapaki-paki-
nabang na malaman ng tao ang
hinggil sa mga bagay na kan-
yang itinakda para sa kanila;
29 Kaya nga, siya ay nagsu-
go ng mga [a]anghel upang ma-
kipag-usap sa kanila, na siyang
naging daan na mamasdan ng
tao ang kanyang kaluwalhatian.
30 At sila ay nagsimula buhat
sa panahong yaon na manawa-
gan sa kanyang pangalan; anu-
pa't ang Diyos ay [a]nakipag-usap
sa mga tao, at ipinaalam sa ka-
nila ang [b]plano ng pagtubos na
inihanda mula pa sa [c]pagkaka-
tatag ng daigdig; at ito ay ipi-
naalam niya sa kanila alinsunod
sa kanilang pananampalataya at
pagsisisi at sa kanilang mga ba-
nal na gawa.
31 Kaya nga, siya ay nagbigay
ng mga [a]kautusan sa mga tao,
sila na unang lumabag sa mga
[b]unang kautusan ukol sa mga
bagay na temporal, at naging
katulad ng mga diyos, [c]nalala-
man ang mabuti sa masama, na
inilalagay ang kanilang sarili sa
kalagayang [d]makakilos, o nasa
sa isang kalagayang makaki-
kilos alinsunod sa kanilang mga
kagustuhan at kasiyahan, kung
gagawa ng masama o gagawa
ng mabuti—
32 Anupa't ang Diyos ay nag-
bigay sa kanila ng mga ka-
utusan, matapos [a]maipaalam sa
kanila ang plano ng pagtubos,
upang hindi sila gumawa ng
masama, ang parusa niyon ay
ikalawang [b]kamatayan, na isang
walang hanggang kamatayan,

25*b* 2 Ne. 2:8; Alma 7:12; 42:23.
26*a* Gen. 2:9; 1 Ne. 15:36; Alma 32:40.
*b* Alma 34:8–16; 42:6–28; Moi. 6:59–62.
27*a* Job 7:1; Heb. 9:27; D at T 42:48.
*b* GBK Paghuhukom, Ang Huling.
29*a* Moro. 7:25, 31; D at T 29:42.
30*a* Moi. 5:4–5; 6:51.
*b* GBK Plano ng Pagtubos.
*c* Mos. 18:13; Alma 13:3, 5, 7–8.
31*a* GBK Kautusan ng Diyos, Mga.
*b* Gen. 2:16–17; 2 Ne. 2:18–19.
*c* Gen. 3:22–23; Moi. 4:11.
*d* 2 Ne. 2:16. GBK Kalayaang Mamili.
32*a* Moi. 5:4–9.
*b* GBK Kamatayan, Espirituwal na.

sa mga bagay na nauukol sa ka-
butihan; sapagkat sa mga ga-
yon, ang plano ng pagtubos ay
hindi magkakaroon ng kapang-
yarihan, sapagkat ang mga
gawa ng [c]katarungan ay hindi
mawawasak, alinsunod sa da-
kilang kabutihan ng Diyos.
33 Datapwat ang Diyos ay na-
nawagan sa mga tao, sa panga-
lan ng kanyang Anak, (ito bi-
lang plano ng pagtubos na ini-
latag) sinasabing: Kung kayo
ay magsisisi, at hindi patitigasin
ang inyong mga puso, sa gayon,
ako ay maaawa sa inyo, sa pa-
mamagitan ng aking Bugtong
na Anak;
34 Kaya nga, ang sinumang
magsisisi, at hindi patitigasin
ang kanyang puso, siya ay mag-
kakaroon ng pag-angkin sa [a]awa
sa pamamagitan ng aking Bug-
tong na Anak, sa [b]ikapagpapa-
tawad ng kanyang mga kasala-
nan; at sila ay papasok sa aking
[c]kapahingahan.
35 At ang sinumang magpa-
patigas ng kanyang puso at ga-
gawa ng kasamaan, masdan, isi-
nusumpa ko sa aking kapootan
na siya ay hindi makapapasok
sa aking kapahingahan.
36 At ngayon, aking mga kapa-
tid, masdan, sinasabi ko sa inyo
na kung inyong patitigasin ang
inyong mga puso, kayo ay hindi
makapapasok sa kapahingahan
ng Panginoon; kaya nga, ang in-
yong kasamaan ang magbubun-
sod sa kanya na kanyang ipada-
ma ang kanyang poot sa inyo,
kagaya ng [a]unang pagkakabun-
sod, oo, alinsunod sa kanyang
salita sa huling pagkakabunsod
kagaya noong una, tungo sa wa-
lang hanggang [b]pagkawasak ng
inyong mga kaluluwa; anupa't,
alinsunod sa kanyang salita,
hanggang sa huling pagkama-
tay kagaya rin noong una.
37 At ngayon, aking mga kapa-
tid, nakikitang nalalaman na-
min ang mga bagay na ito, at
ang mga yaon ay totoo, tayo ay
magsisisi, at huwag patigasin
ang ating mga puso, upang hin-
di natin [a]mabunsuran ang Pa-
nginoon nating Diyos na ipa-
dama sa atin ang kanyang poot
dito sa kanyang pangalawang
kautusan na ibinigay sa atin;
kundi pumasok tayo sa [b]kapa-
hingahan ng Diyos, na inihan-
da ayon sa kanyang salita.

## KABANATA 13

*Ang kalalakihan ay tinatawag bilang matataas na saserdote dahil sa kanilang labis na pananampalataya at mabubuting gawa—Ituturo nila ang mga kautusan—Sa pamamagitan ng kabutihan sila ay pababanalin at makapapasok sa kapahingahan ng Panginoon—Si Melquisedec ay isa sa kanila—Ang mga anghel ay nagpapahayag ng masayang balita sa lahat ng dako ng lu-*

32*c* Mos. 15:27; Alma 34:15–16; 42:15.
34*a* GBK Awa, Maawain.
*b* GBK Kapatawaran ng mga Kasalanan.
*c* GBK Kapahingahan.
36*a* Jac. 1:7–8; Alma 42:6, 9, 14.
*b* GBK Kapahamakan.
37*a* 1 Ne. 17:30; Jac. 1:8; Hel. 7:18.
*b* Alma 13:6–9.

*pain—Ipahahayag nila ang tunay na pagparito ni Cristo. Mga 82 B.C.*

At muli, mga kapatid ko, aking
itutuon ang inyong mga isipan
pabalik sa panahon nang ibigay
ng Panginoong Diyos ang mga
kautusang ito sa kanyang mga
anak; at nais kong inyong tanda-
an na ang Panginoong Diyos ay
[a]nag-orden ng mga saserdote
alinsunod sa kanyang banal na
orden, na alinsunod sa orden ng
kanyang Anak, upang ituro ang
mga bagay na ito sa mga tao.
2 At yaong mga saserdote ay
inordenan alinsunod sa [a]orden
ng kanyang Anak, sa isang [b]ka-
paraanang malalaman ng mga
tao sa paanong paraan aasa sa
kanyang Anak upang matubos.
3 At ito ang pamamaraan kung
paano sila inordenan—[a]tina-
wag at [b]inihanda mula pa sa
[c]pagkakatatag ng daigdig alin-
sunod sa [d]kaalaman ng Diyos
sa mula't mula pa, dahil sa ka-
nilang labis na pananampala-
taya at mabubuting gawa; sa
simula pa ay hinayaang [e]mami-
li sa mabuti o masama; kaya
nga, sila na pumili ng mabuti,
at nagpapairal ng labis na [f]pa-
nanampalataya, ay [g]tinatawag
sa banal na tungkulin, oo, sa
yaong banal na tungkulin na
inihanda lakip, at naaayon sa,
isang panimulang pagtubos na
nauukol doon.
4 At sa gayon sila [a]tinawag sa
banal na tungkuling ito dahil sa
kanilang pananampalataya, sa-
mantalang ang iba ay tinatang-
gihan ang Espiritu ng Diyos da-
hil sa katigasan ng kanilang
mga puso at kabulagan ng ka-
nilang mga isipan, samantalang,
kung hindi dahil dito, sila sana
ay nagkaroon ng malaking [b]pri-
bilehiyo na tulad ng kanilang
mga kapatid.
5 O sa madaling salita, sa simu-
la pa sila ay nasa [a]gayon ding
kalagayan na tulad ng kanilang
mga kapatid; kung gayon, ang
banal na tungkuling ito na ini-
handa mula pa sa pagkakata-
tag ng daigdig ay para sa mga
yaong hindi magpapatigas ng
kanilang mga puso, na nasa at
sa pamamagitan ng pagbaba-
yad-sala ng Bugtong na Anak,
na inihanda—
6 At sa gayong pagkakatawag
ng banal na tungkuling ito, at
inordenan sa mataas na pagka-
saserdote ng banal na orden ng
Diyos, na ituro ang kanyang
mga kautusan sa mga anak ng
tao, upang sila rin ay makapa-
sok sa kanyang [a]kapahinga-
han—
7 Itong mataas na pagkasaser-
dote na alinsunod sa orden ng

**13** 1*a* Abr. 2:9, 11.
2*a* D at T 107:2–4.
*b* Alma 13:16.
3*a* D at T 127:2. GBK Hinirang, Pagkakahirang; Pag-oorden sa Simula Pa.
*b* D at T 138:55–56.
*c* Alma 12:25, 30. GBK Buhay Bago pa ang Buhay na Ito.
*d* D at T 38:2.
*e* GBK Kalayaang Mamili.
*f* GBK Pananampalataya.
*g* GBK Tawag, Tinawag ng Diyos, Pagkakatawag; Pagkasaserdote.
4*a* Eter 12:10.
*b* 1 Ne. 17:32–35.
5*a* 2 Ne. 26:28.
6*a* Alma 12:37; 16:17. GBK Kapahingahan.

kanyang Anak, kung aling orden ay mula pa sa pagkakatatag ng daigdig; o sa ibang salita, [a]walang simula ng mga araw o katapusan ng mga taon, na inihanda mula sa kawalang-hanggan hanggang sa kawalang-hanggan, alinsunod sa [b]kanyang kaalaman sa mula't mula pa ng lahat ng bagay—
8 Ngayon, sila ay [a]inordenan alinsunod sa pamamaraang ito—tinawag sa banal na tungkulin, at inordenan sa banal na ordenansa, at tinataglay sa kanila ang mataas na pagkasaserdote ng banal na orden, kung aling tungkulin, at ordenansa, at mataas na pagkasaserdote, ay walang simula o katapusan—
9 Sa gayon sila naging [a]matataas na saserdote magpakailanman, alinsunod sa orden ng Anak, ang Bugtong ng Ama, na walang simula ng mga araw o katapusan ng mga taon, na puspos ng [b]biyaya, katarungan, at katotohanan. At sa gayon nga ito. Amen.
10 Ngayon, tulad ng sinabi ko hinggil sa banal na orden, o sa [a]mataas na pagkasaserdoteng ito, marami na ang naordenan at naging matataas na saserdote ng Diyos; at ito ay dahil sa kanilang labis na pananampalataya at [b]pagsisisi, at sa kanilang kabutihan sa harapan ng Diyos, sila na pumipiling magsisi at gumawa ng kabutihan kaysa sa masawi;
11 Kaya nga, sila ay tinawag alinsunod sa banal na orden na ito, at [a]pinabanal, at ang kanilang mga [b]kasuotan ay nahugasang maputi sa pamamagitan ng dugo ng Kordero.
12 Ngayon sila, matapos na [a]pabanalin ng [b]Espiritu Santo, na ginawang maputi ang kanilang mga kasuotan, mga [c]dalisay at walang bahid-dungis sa harapan ng Diyos, ay hindi makatitingin sa [d]kasalanan maliban nang may [e]kapootan; at marami, labis na napakarami, ang ginawang dalisay at nakapasok sa kapahingahan ng Panginoon nilang Diyos.
13 At ngayon, mga kapatid ko, nais kong kayo ay magpakumbaba ng inyong sarili sa harapan ng Diyos, at mamunga ng [a]bunga na karapat-dapat sa pagsisisi, upang kayo rin ay makapasok sa kapahingahang yaon.
14 Oo, magpakumbaba kayo sa inyong sarili maging tulad ng mga tao noong mga araw ni [a]Melquisedec, na isa ring mataas na saserdote alinsunod sa yaon ding orden na aking sina-

7*a* Heb. 7:3.
*b* GBK Diyos, Panguluhang Diyos.
8*a* D at T 84:33–42. GBK Pagkasaserdoteng Melquisedec.
9*a* GBK Mataas na Saserdote.
*b* 2 Ne. 2:6. GBK Biyaya.
10*a* D at T 84:18–22.
*b* GBK Magsisi, Pagsisisi.
11*a* Moi. 6:59–60.
*b* 1 Ne. 12:10; Alma 5:21–27; 3 Ne. 27:19–20.
12*a* Rom. 8:1–9. GBK Pagpapabanal.
*b* GBK Espiritu Santo.
*c* GBK Dalisay, Kadalisayan.
*d* Mos. 5:2; Alma 19:33.
*e* Kaw. 8:13; Alma 37:29.
13*a* Lu. 3:8.
14*a* D at T 84:14. PJS, Gen. 14:25–40. GBK Melquisedec.

bi, na tinaglay rin sa kanyang
sarili ang mataas na pagkasa-
serdote magpakailanman.
15 At sa ito ring Melquisedec
na ito kung kanino nagbayad
si [a]Abraham ng [b]ikasampung
bahagi; oo, maging ang ating
amang si Abraham ay nagba-
yad ng ikasampung bahagi ng
lahat ng kanyang pag-aari.
16 Ngayon, ang mga [a]orde-
nansang ito ay ibinigay alinsu-
nod sa pamamaraang ito, nang
sa gayon ang mga tao ay umasa
sa Anak ng Diyos, ito na isang
[b]sagisag ng kanyang orden, o
bilang kanyang orden, at ito
ay upang umasa sila sa kanya
para sa kapatawaran ng kani-
lang mga kasalanan, upang sila
ay makapasok sa kapahingahan
ng Panginoon.
17 Ngayon, itong si Melquise-
dec ay isang hari sa lupain ng
Salem; at ang kanyang mga tao
ay naging malakas sa kasamaan
at karumal-dumal na gawain;
oo, silang lahat ay nangaligaw;
sila ay napuspos ng lahat ng uri
ng kasamaan;
18 Subalit si Melquisedec na
pinairal ang malakas na pana-
nampalataya, at tumanggap ng
tungkulin ng mataas na pagka-
saserdote alinsunod sa [a]banal
na orden ng Diyos, ay nangaral
ng pagsisisi sa kanyang mga
tao. At masdan, sila ay nagsisi;
at naitatag ni Melquisedec ang
kapayapaan sa lupain noong
kanyang mga araw; kaya nga,
siya ay tinawag na prinsipe ng
kapayapaan, sapagkat siya ang
hari ng Salem; at siya ay nama-
hala sa ilalim ng kanyang ama.
19 Ngayon, [a]marami na ang
nauna sa kanya, at gayon din
marami pa ang sumunod, suba-
lit [b]walang kasingdakila; anu-
pa't tungkol sa kanya, sila ay hi-
git na maraming binabanggit.
20 Ngayon hindi ko na kaila-
ngan pang ulitin ang bagay na
ito; ano man ang nasabi ko na ay
makasasapat na. Masdan, ang
mga [a]banal na kasulatan ay nasa
inyong harapan; kung kayo ay
[b]sasalungat sa mga ito, yaon ay
tungo sa inyong pagkalipol.
21 At ngayon ito ay nangyari
na, nang sabihin ni Alma ang
mga salitang ito sa kanila, ay ini-
unat niya ang kanyang kamay
sa kanila at sumigaw sa mala-
kas na tinig, sinasabing: Ngayon
na ang panahon upang [a]magsisi,
sapagkat ang araw ng kaligta-
san ay nalalapit na;
22 Oo, at ang tinig ng Pangino-
on, sa pamamagitan ng [a]bibig
ng mga anghel, ay ipinahahayag
ito sa lahat ng bansa; oo, ipina-
hahayag ito, upang sila ay mag-
karoon ng masayang balita ng
labis na kagalakan; oo, at kani-
lang ipinarating ang masasa-

15*a* gbk Abraham.
*b* Gen. 14:18–20; Mal. 3:8–10. gbk Ikapu.
16*a* gbk Ordenansa, Mga.
*b* gbk Pagsagisag.
18*a* gbk Pagkasaserdoteng Melquisedec.
19*a* Hel. 8:18; D at T 84:6–16; 107:40–55.
*b* D at T 107:1–4.
20*a* gbk Banal na Kasulatan, Mga.
*b* 2 Ped. 3:16; Alma 41:1.
21*a* gbk Magsisi, Pagsisisi.
22*a* Alma 10:20.

yang balitang ito sa lahat ng
kanyang mga tao, oo, maging
sa kanila na malawakang naka-
kalat sa balat ng lupa; kaya nga,
sila ay nagpahayag sa amin.
23 At ipinaalam nila sa amin sa
[a]malinaw na pananalita, upang
kami ay makaunawa, upang
kami ay hindi magkamali; at ito
ay dahil sa ating pagiging mga
[b]palaboy sa isang di kilalang
lupain; kaya nga, sa gayon tayo
labis na pinagpala, sapagkat
nasa atin ang masasayang bali-
tang ito na ipinahayag sa atin sa
lahat ng dako ng ating ubasan.
24 Sapagkat masdan, ang mga
[a]anghel ay ipinahahahayag ito sa
marami sa panahong ito sa ating
lupain; at ito ay para sa layu-
ning maihanda ang mga puso
ng mga anak ng tao na tangga-
pin ang kanyang salita sa pana-
hon ng kanyang pagparito sa
kanyang kaluwalhatian.
25 At ngayon, tayo ay naghi-
hintay lamang na marinig ang
mga balita ng kagalakan na ipi-
nahayag sa atin ng bibig ng mga
anghel, tungkol sa kanyang pag-
parito; sapagkat darating ang
panahon, hindi namin [a]nalala-
man kung gaano kadali. Ang
samo sa Diyos na ito nawa'y sa
aking araw; subalit hayaan ito
sa malao't madali, dito ako'y
magagalak.
26 At ito ay gagawing ipaalam
sa [a]makatarungan at mga banal
na tao, ng bibig ng mga anghel,
sa panahon ng kanyang pagpa-
rito, upang ang mga salita ng
ating mga ama ay matupad,
alinsunod sa yaong kanilang si-
nabi hinggil sa kanya, na alin-
sunod sa diwa ng propesiya na
nasa kanila.
27 At ngayon, mga kapatid ko,
[a]hinihiling ko mula sa kaibutu-
ran ng aking puso, oo, lakip ang
labis na pagkabahala maging sa
pasakit, na kayo ay makinig sa
aking mga salita, at iwaksi ang
inyong mga kasalanan, at hu-
wag ipagpaliban ang araw ng
inyong pagsisisi;
28 Kundi ang kayo ay magpa-
kumbaba ng inyong sarili sa
harapan ng Panginoon, at ma-
nawagan sa kanyang banal na
pangalan, at [a]magbantay at patu-
loy na manalangin, upang kayo
ay hindi [b]matukso nang higit sa
inyong makakaya, at sa gayon
ay akayin ng Banal na Espiritu,
magiging mapagpakumbaba,
[c]maamo, masunurin, mapagtiis,
puspos ng pag-ibig at maha-
bang pagtitiis;
29 [a]May pananampalataya sa
Panginoon; may pag-asa na
kayo ay makatatanggap ng bu-
hay na walang hanggan; may
[b]pag-ibig sa Diyos tuwina sa
inyong mga puso, upang kayo
ay dakilain sa huling araw at

23*a* 2 Ne. 25:7–8; 31:3; 32:7; Jac. 4:13; Eter 12:39.
*b* Jac. 7:26.
24*a* Alma 10:10; 39:19.
25*a* 1 Ne. 10:4; 3 Ne. 1:13.
26*a* Amos 3:7; Lu. 2:8–11.
27*a* Mos. 28:3.
28*a* GBK Panalangin; Magbantay, Mga Tagabantay.
*b* 1 Cor. 10:13.
*c* GBK Maamo, Kaamuan; Tiyaga.
29*a* Alma 7:24.
*b* D at T 20:31; 76:116. GBK Pag-ibig sa Kapwa-tao.

makapasok sa kanyang [c]kapa-
hingahan.
30 At nawa'y ipagkaloob sa
inyo ng Panginoon ang pagsisi-
si, upang hindi ninyo madalang
pababa ang kanyang poot sa
inyo, upang kayo ay hindi mai-
gapos pababa ng mga tanikala
ng [a]impiyerno, upang kayo ay
hindi magdusa ng ikalawang
[b]kamatayan.
31 At nangusap si Alma ng ma-
rami pang salita sa mga tao, na
hindi nasusulat sa aklat na ito.

## KABANATA 14

*Sina Alma at Amulek ay ibinilanggo at pinahirapan—Ang mga naniniwala at ang kanilang mga banal na kasulatan ay tinupok ng apoy—Ang mga martir na ito ay tinanggap ng Panginoon sa kaluwalhatian—Ang pader ng bilangguan ay nawasak at bumagsak—Sina Alma at Amulek ay naligtas, at ang kanilang mga taga-usig ay nangamatay. Mga 82–81 B.C.*

AT ito ay nangyari na, nang
matapos siya sa pagsasalita sa
mga tao na marami sa kanila
ang naniwala sa kanyang mga
salita, at nagsimulang magsisi,
at saliksikin ang mga [a]banal na
kasulatan.
2 Subalit ang nakararami sa
kanila ay nagnais na kanilang
mapatay sina Alma at Amulek;
sapagkat sila ay nagalit kay
Alma, dahil sa [a]kalinawan ng
kanyang mga salita kay Zisrom;
at sinabi rin nilang si Amulek
ay [b]nagsinungaling sa kanila,
at nilait ang kanilang batas at
gayon din ang kanilang mga
manananggol at hukom.
3 At sila rin ay nagalit kina
Alma at Amulek; at dahil sa sila
ay nagpatotoo nang napakali-
naw laban sa kanilang kasama-
an, hinangad nilang patayin sila
nang palihim.
4 Subalit ito ay nangyari na,
na ito ay hindi nila nagawa;
kundi kanilang dinakip sila at
iginapos sila ng matitibay na lu-
bid, at dinala sila sa harapan ng
punong hukom ng lupain.
5 At ang mga tao ay humayo
at sumaksi laban sa kanila—
nagpapatotoo na nilait nila ang
batas, at ang kanilang mga ma-
nananggol at hukom sa lupain,
at gayon din ang lahat ng taong
nasa lupain; at nagpatotoo ring
may isang Diyos lamang, at na
isusugo niya ang kanyang Anak
sa mga tao, subalit hindi niya
ililigtas sila; at maraming ga-
yong bagay ang pinatotohanan
ng mga tao laban kina Alma at
Amulek. Ngayon, ito ay naga-
nap sa harapan ng punong hu-
kom ng lupain.
6 At ito ay nangyari na, na si
Zisrom ay nanggilalas sa mga
salitang sinabi; at kanya ring
nalaman ang hinggil sa kabula-
gan ng mga isipan, na kanyang
pinapangyari sa mga tao sa pa-
mamagitan ng kanyang mga

29*c* D at T 84:24.
30*a* GBK Kapahamakan; Impiyerno.
*b* GBK Kamatayan, Espirituwal na.
**14** 1*a* 2 Hari 22:8–13. GBK Banal na Kasulatan, Mga.
2*a* Alma 12:3–7.
*b* Alma 10:27.

salita ng kasinungalingan; at
ang kanyang kaluluwa ay nag-
simulang [a]masugatan sa ilalim
ng [b]kaalaman ng kanyang sa-
riling pagkakasala; oo, siya ay
sinimulang palibutan ng mga
pasakit ng impiyerno.
7 At ito ay nangyari na, na siya
ay nagsimulang manawagan sa
mga tao, sinasabing: Masdan,
ako ang may [a]sala, at ang mga
taong ito ay walang bahid-
dungis sa harapan ng Diyos. At
siya ay nagsimulang magma-
kaawa para sa kanila mula sa
panahong yaon; subalit kani-
lang nilait siya, sinasabing: Ikaw
rin ba ay nasapian na ng diyab-
lo? At kanilang dinuraan siya,
at [b]itinaboy siyang palabas mula
sa kanila, at gayon din ang la-
hat ng yaong naniwala sa mga
salitang sinabi nina Alma at
Amulek; at kanilang itinaboy
sila, at nagsugo ng mga tao
upang magpukol ng mga bato
sa kanila.
8 At pinagsama-sama nila ang
kanilang mga asawa at anak, at
sino man ang naniwala o natu-
ruan upang maniwala sa salita
ng Diyos ay pinapangyari nila
na sila'y itapon sa apoy; at ki-
nuha rin nila ang kanilang mga
talaan na naglalaman ng mga
banal na kasulatan, at itinapon
din ang mga ito sa apoy, upang
ang mga ito ay matupok at ma-
wasak ng apoy.
9 At ito ay nangyari na, na
kanilang dinakip sina Alma at
Amulek, at dinala sila sa lugar
ng pagkamartir, upang masak-
sihan nila ang pagkalipol ng
mga yaong tinutupok ng apoy.
10 At nang makita ni Amulek
ang mga pasakit ng kababaihan
at maliliit na bata na natutupok
ng apoy, siya rin ay nasaktan;
at sinabi niya kay Alma: Pa-
anong nasasaksihan natin ang
nakapanghihilakbot na tagpong
ito? Kaya nga iunat natin ang
ating mga kamay, at gamitin
ang [a]kapangyarihan ng Diyos
na nasa atin, at iligtas sila mula
sa mga ningas.
11 Subalit sinabi sa kanya ni
Alma: Ang Espiritu ay pinipi-
gilan ako na hindi ko kaila-
ngang iunat ang aking kamay;
sapagkat masdan, tinatanggap
sila ng Panginoon sa kanyang
sarili, sa [a]kaluwalhatian; at pi-
nahihintulutan niyang gawin
nila ang bagay na ito o ang ma-
gawa ng mga tao ang bagay na
ito sa kanila, alinsunod sa kati-
gasan ng kanilang mga puso,
upang ang [b]kahatulang gagawin
niya sa kanila sa kanyang kapo-
otan ay maging makatarungan;
at ang [c]dugo ng [d]walang sala ay
tatayong saksi laban sa kanila,
oo, at malakas na daraing laban
sa kanila sa huling araw.
12 Ngayon sinabi ni Amulek
kay Alma: Masdan, marahil
tayo ay susunugin din nila.
13 At sinabi ni Alma: Ito ay

6*a* Alma 15:5.
*b* GBK Budhi.
7*a* Alma 11:21–37.
*b* Alma 15:1.
10*a* Alma 8:30–31.
11*a* GBK Kaluwalhatian.
*b* Awit 37:8–13; Alma 60:13; D at T 103:3. GBK Katarungan.
*c* GBK Martir, Pagkamartir.
*d* Mos. 17:10.

alinsunod sa kalooban ng Pa-
nginoon. Subalit, masdan, ang
ating gawain ay hindi pa nata-
tapos; kaya nga, tayo ay hindi
nila susunugin.
14 Ngayon ito ay nangyari na,
nang ang mga katawan ng mga
yaong itinapon sa apoy ay na-
tupok na, at gayon din ang mga
talaang itinapon na kasama
nila, ang punong hukom ay du-
mating at tumindig sa harapan
nina Alma at Amulek, habang
sila ay nakagapos; at sinampal
niya ng kanyang kamay ang
kanilang mga pisngi, at sinabi
sa kanila: Matapos ang inyong
nakita, kayo ba ay mangangaral
na muli sa mga taong ito, upang
sila ay itapon sa [a]lawa ng apoy
at asupre?
15 Masdan, inyong nakita na
kayo'y walang kapangyarihang
iligtas ang mga yaong itinapon
sa apoy; ni ang iligtas sila ng
Diyos dahil sa sila ay inyong ka-
sampalataya. At muli silang si-
nampal ng hukom sa kanilang
mga pisngi, at nagtanong: Ano
ang masasabi ninyo para sa in-
yong sarili?
16 Ngayon, ang hukom na ito
ay alinsunod sa orden at pana-
nampalataya ni [a]Nehor, na si-
yang pumatay kay Gedeon.
17 At ito ay nangyari na, na
sina Alma at Amulek ay walang
itinugon sa kanya; at muli ni-
yang sinampal sila, at ibinigay
sila sa mga pinuno upang ita-
pon sa bilangguan.
18 At nang naitapon na sila sa
bilangguan ng tatlong araw,
dumating ang maraming [a]ma-
nananggol, at mga hukom, at
saserdote, at guro, na nasa ka-
tungkulan ni Nehor; at sila'y
pumasok sa bilangguan upang
makita sila, at kanilang tina-
nong sila tungkol sa maraming
salita; subalit wala silang itinu-
gon sa kanila.
19 At ito ay nangyari na, na
ang hukom ay tumindig sa ka-
nilang harapan, at nagsabi: Ba-
kit hindi ninyo tugunin ang mga
salita ng mga taong ito? Hindi
ba ninyo nalalaman na may ka-
pangyarihan akong iligtas kayo
sa mga ningas? At inutusan niya
silang magsalita; subalit wala
silang itinugon.
20 At ito ay nangyari na, na
sila'y nagsilisan at nagtungo
sa kani-kanilang landas, suba-
lit muling nagsibalik kinabuka-
san; at muli rin silang sinampal
sa pisngi ng hukom. At marami
rin ang nagsidating, at sinampal
sila, sinasabing: Kayo ba'y mu-
ling titindig, at hahatulan ang
mga taong ito, at tutuligsain
ang aming batas? Kung kayo'y
may gayong kalakas na kapang-
yarihan bakit hindi ninyo [a]ilig-
tas ang inyong sarili?
21 At maraming gayong bagay
ang sinabi nila sa kanila, pinag-
ngangalit ang kanilang mga ngi-
pin sa kanila, at dinuduraan sila,
at sinasabing: Ano ang magi-
ging anyo namin kapag kami ay
isinumpa?
22 At maraming gayong ba-

14*a* Alma 12:17.
16*a* Alma 1:7–15.
18*a* Alma 10:14; 11:20.
20*a* Mat. 27:39–43.

gay, oo, lahat ng uri ng gayong bagay ay sinabi nila sa kanila; at sa gayon kanilang kinutya sila nang maraming araw. At ipinagkait nila ang pagkain sa kanila upang sila'y magutom, at tubig upang sila'y mauhaw; at kinuha rin nila mula sa kanila ang mga kasuotan nila kung kaya't sila'y nakahubad; at sa gayon sila iginapos nang matibay na lubid, at ipiniit sa bilangguan.

23 At ito ay nangyari na, na matapos silang magdusa nang gayon nang maraming araw, (at ito ay sa ikalabindalawang araw, sa ikasampung buwan, sa ikasampung taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi) na ang punong hukom ng lupain ng Ammonihas at marami sa kanilang mga guro at manananggol ay pumasok sa bilangguan kung saan sina Alma at Amulek ay nagagapos ng mga lubid.

24 At ang punong hukom ay tumindig sa kanilang harapan, at muli silang sinampal, at sinabi sa kanila: Kung taglay ninyo ang kapangyarihan ng Diyos ay pawalan ninyo ang inyong sarili mula sa pagkakagapos na ito, at sa gayon kami ay maniniwalang lilipulin ng Panginoon ang mga taong ito alinsunod sa inyong mga salita.

25 At ito ay nangyari na, na silang lahat ay lumapit at sinampal sila, sinasabi ang gayon ding mga salita, maging hanggang sa huli; at nang ang huli ay nakapagsalita na sa kanila, ang [a]kapangyarihan ng Diyos ay napasakina Alma at Amulek, at sila'y bumangon at tumindig sa kanilang mga paa.

26 At si Alma ay nagsumamo, sinasabing: Gaano katagal kaming magdaranas ng labis na mga [a]pagpapahirap na ito, O Panginoon? O Panginoon, bigyan kami ng lakas alinsunod sa aming pananampalataya na na kay Cristo, maging tungo sa kaligtasan. At nilagot nila ang mga lubid na gumagapos sa kanila; at nang makita ito ng mga tao, sila'y nagsimulang magsipanakbuhan, sapagkat ang takot sa pagkalipol ay nanaig sa kanila.

27 At ito ay nangyari na, na sa laki ng kanilang takot sila'y nalugmok sa lupa, at hindi na narating pa ang panlabas na pintuan ng [a]bilangguan; at ang lupa ay nayanig nang malakas, at ang mga pader ng bilangguan ay nahati sa dalawa, kung kaya't ang mga ito ay bumagsak sa lupa; at ang punong hukom, at ang mga manananggol, at saserdote, at guro, na sumampal kina Alma at Amulek, ay nangamatay sa pagbagsak na yaon.

28 At sina Alma at Amulek ay humayong palabas ng bilangguan, at sila'y hindi nasaktan; sapagkat pinagkalooban sila ng Panginoon ng kapangyarihan, alinsunod sa kanilang pana-

25*a* Alma 8:31.
26*a* Sant. 5:10–11; Mos. 17:10–20; D at T 121:7–8.
27*a* Gawa 16:26; Eter 12:13.

nampalataya na na kay Cristo. At sila'y kaagad na humayong palabas ng bilangguan; at sila'y [a]nakalagan mula sa kanilang pagkakagapos; at ang bilangguan ay bumagsak sa lupa, at lahat ng tao sa loob ng mga pader niyon, maliban kina Alma at Amulek, ay nangamatay; at sila'y kaagad na nagtungo sa lunsod.

29 Ngayon, nang marinig ng mga tao ang malakas na ingay ay sama-samang nagtakbuhan ang maraming tao upang alamin ang sanhi nito; at nang makita nila sina Alma at Amulek na lumalabas ng bilangguan, at na ang mga pader niyon ay nagbagsakan sa lupa, sila ay nakadama ng malaking takot, at nagsipanakbuhan mula sa harapan nina Alma at Amulek maging tulad ng isang kambing na tumatakas kasama ang kanyang anak mula sa dalawang leon; at sa gayon sila nagsipanakbuhan mula sa harapan nina Alma at Amulek.

## KABANATA 15

*Sina Alma at Amulek ay nagtungo sa Sidom at nagtatag ng isang simbahan—Pinagaling ni Alma si Zisrom, na sumapi sa Simbahan—Marami ang nagpabinyag, at ang Simbahan ay umunlad—Sina Alma at Amulek ay nagtungo sa Zarahemla. Mga 81 B.C.*

At ito ay nangyari na, na sina Alma at Amulek ay inutusang lisanin ang lunsod na yaon; at sila'y lumisan, at nagtungo maging sa lupain ng Sidom; at masdan, doo'y natagpuan nila ang lahat ng taong nagsilisan sa lupain ng [a]Ammonihas, na mga [b]itinaboy at pinagbabato, dahil sa sila ay naniwala sa mga salita ni Alma.

2 At isinalaysay nila sa kanila ang lahat ng nangyari sa kanilang mga [a]asawa at anak, at hinggil din sa kanilang sarili, at ang [b]kapangyarihan ng kanilang pagkakaligtas.

3 At gayon din si Zisrom ay may karamdaman sa Sidom, inaapoy ng lagnat, sanhi ng labis na mga paghihirap ng kanyang isipan dahil sa [a]kasamaan niya, sapagkat inakala niyang wala na sina Alma at Amulek; at inakala niyang sila'y napatay dahil sa kanyang kasamaan. At ang malaking kasalanang ito, at marami sa iba pa niyang mga kasalanan ay nagpapahirap sa kanyang isipan hanggang sa ito'y maging napakasidhi, na walang pagkakahango; sa gayong dahilan siya ay nagsimulang mapaso ng nag-aapoy na init.

4 Ngayon, nang marinig niya na sina Alma at Amulek ay nasa lupain ng Sidom, ang kanyang puso'y nagsimulang magkalakas-loob; at kaagad siyang nagpadala ng mensahe sa kanila, nagnanais na sila ay magsadya sa kanya.

28*a* Jac. 4:6; 3 Ne. 28:19–22.
**15** 1*a* Alma 16:2–3, 9, 11.
*b* Alma 14:7.
2*a* Alma 14:8–14.
*b* Alma 14:28.
3*a* Alma 14:6–7.

5 At ito ay nangyari na, na kaagad silang nagsadya, sinusunod ang mensaheng ipinadala niya sa kanila; at sila'y pumasok sa tahanan patungo kay Zisrom; at kanilang natagpuan siya sa kanyang higaan, na may karamdaman, labis na nanghihina at inaapoy ng lagnat; at ang isipan niya'y labis na naghihirap din dahil sa kanyang mga kasamaan; at nang kanyang makita sila ay iniunat niya ang kanyang kamay, at nagsumamo sa kanila na pagalingin nila siya.

6 At ito ay nangyari na, na sinabi sa kanya ni Alma, habang inaalalayan siya sa kamay: [a]Naniniwala ka ba sa kapangyarihan ni Cristo tungo sa kaligtasan?

7 At tumugon siya at nagsabi: Oo, naniniwala ako sa lahat ng salitang iyong itinuro.

8 At sinabi ni Alma: Kung naniniwala ka sa pagtubos ni Cristo ay [a]gagaling ka.

9 At sinabi niya: Oo, naniniwala ako alinsunod sa iyong mga salita.

10 At pagkatapos si Alma ay nagsumamo sa Panginoon, sinasabing: O Panginoon naming Diyos, kaawaan ang lalaking ito, at [a]pagalingin siya alinsunod sa kanyang pananampalataya na na kay Cristo.

11 At nang sabihin ni Alma ang mga salitang ito, si Zisrom ay [a]lumundag sa kanyang mga paa, at nagsimulang lumakad; at ito ay naganap sa labis na panggigilalas ng lahat ng tao; at lumaganap ang kaalamang ito sa lahat ng dako ng lupain ng Sidom.

12 At bininyagan ni Alma si Zisrom sa Panginoon; at nagsimula siyang mangaral sa mga tao sa panahong yaon.

13 At si Alma ay nagtatag ng isang simbahan sa lupain ng Sidom, at nagtalaga ng mga saserdote at guro sa lupain, upang magbinyag sa sino mang magnanais na mabinyagan sa Panginoon.

14 At ito ay nangyari na, na sila'y marami; sapagkat nangagtipon sila mula sa lahat ng dako ng Sidom, at nabinyagan.

15 Subalit tungkol sa mga tao na nasa lupain ng Ammonihas, sila ay nanatili pa rin na mga taong matitigas ang puso at matitigas ang leeg; at hindi sila nagsipagsisi ng kanilang mga kasalanan, ipinalalagay ang lahat ng kapangyarihan nina Alma at Amulek sa diyablo; sapagkat sila'y mula sa katungkulan ni [a]Nehor, at hindi naniniwala sa pagsisisi ng kanilang mga kasalanan.

16 At ito ay nangyari na, na sina Alma at Amulek, si Amulek na [a]iniwanan ang lahat ng kanyang ginto, at pilak, at kanyang mahahalagang bagay, na nasa lupain ng Ammonihas, para sa salita ng Diyos, siya na [b]itinakwil ng mga yaong minsan ay

6*a* Mar. 9:23.
8*a* GBK Pinagaling, Pagpapagaling.
10*a* Mar. 2:1–12.
11*a* Gawa 3:1–11.
15*a* Alma 1:2–15.
16*a* Lu. 14:33; Alma 10:4.
*b* GBK Usigin, Pag-uusig.

kanyang mga kaibigan at gayon din ng kanyang ama at kanyang kaanak;
17 Anupa't matapos maitatag ni Alma ang simbahan sa Sidom, na nakikita ang malaking [a]pagbabago, oo, nakikita na ang mga tao'y tumigil sa kapalaluan ng kanilang mga puso, at nagsimulang [b]magpakumbaba ng kanilang sarili sa harapan ng Diyos, at nagsimulang sama-samang tipunin ang kanilang sarili sa kanilang mga santuwaryo upang [c]sambahin ang Diyos sa harap ng dambana, patuloy na [d]nagpapakatatag at nanalangin, upang sila'y maligtas mula kay Satanas, at mula sa [e]kamatayan, at mula sa pagkalipol—
18 Ngayon tulad ng sinabi ko, matapos makita ni Alma ang lahat ng bagay na ito, samakatwid dinala niya si Amulek at nagtungo sa lupain ng Zarahemla, at siya ay isinama sa kanyang sariling tahanan, at tinulungan siya sa kanyang mga paghihirap, at pinalakas siya sa Panginoon.
19 At sa gayon nagtapos ang ikasampung taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi.

## KABANATA 16

*Nilipol ng mga Lamanita ang mga tao ng Ammonihas—Pinamunuan ni Zoram ang mga Nephita sa pagtatagumpay sa mga Lamanita—Sina Alma at Amulek at marami pang iba ay nangaral ng salita—Itinuro nila na matapos ang kanyang pagkabuhay na mag-uli si Cristo ay magpapakita sa mga Nephita. Mga 81–77 B.C.*

At ito ay nangyari na, na sa ikalabing-isang taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi, sa ikalimang araw ng ikalawang buwan, nagkaroon ng labis na kapayapaan sa lupain ng Zarahemla, hindi nagkaroon ng mga digmaan ni alitan sa loob ng ilang taon, maging hanggang sa ikalimang araw ng ikalawang buwan sa ikalabing-isang taon, na nakarinig ng sigawan ng digmaan sa lahat ng dako ng lupain.
2 Sapagkat masdan, ang mga hukbo ng mga Lamanita ay nakapasok sa may tagiliran ng ilang, patungo sa mga hangganan ng lupain, maging sa lunsod ng [a]Ammonihas, at nagsimulang patayin ang mga tao at wasakin ang lunsod.
3 At ngayon ito ay nangyari na, na bago pa man ang mga Nephita ay makapagtipon ng sapat na hukbo upang maitaboy silang palabas ng lupain, kanila nang [a]nalipol ang mga tao na nasa lunsod ng Ammonihas, at gayon din ang ilan na nasa palibot ng mga hangganan ng Noe, at dinalang bihag ang iba sa ilang.
4 Ngayon ito ay nangyari na,

17*a* Alma 16:21.
*b* GBK Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba.
*c* GBK Pagsamba.
*d* GBK Panalangin; Magbantay, Mga Tagabantay.
*e* GBK Kamatayan, Espirituwal na.
**16** 2*a* Alma 15:1, 15–16.
3*a* Alma 9:18.

na ang mga Nephita ay nagnais
na makuha yaong mga nada-
lang bihag sa ilang.
5 Kaya nga, siya na hinirang
na punong kapitan sa mga huk-
bo ng mga Nephita, (at ang pa-
ngalan niya'y Zoram, at siya ay
may dalawang anak na lalaki,
sina Lehi at Ahas)—ngayon,
si Zoram at ang kanyang da-
lawang anak, nalalaman na si
Alma ay mataas na saserdote
ng simbahan, at narinig na tag-
lay niya ang diwa ng propesiya,
kaya nga, sila ay nagsadya sa
kanya at nagnais na malaman
mula sa kanya kung saan sa
ilang ibig ng Panginoon na mag-
tungo sila sa paghahanap sa ka-
nilang mga kapatid, na mga di-
nalang bihag ng mga Lamanita.
6 At ito ay nangyari na, na
si Alma ay [a]nagtanong sa Pa-
nginoon hinggil sa bagay na
yaon. At si Alma ay nagbalik at
sinabi sa kanila: Masdan, tata-
wirin ng mga Lamanita ang ilog
Sidon sa timog ilang, sa kabi-
lang ibayo ng mga hangganan
ng lupain ng Manti. At masdan,
doon ninyo salubungin sila, sa
silangan ng ilog Sidon, at doon
ibibigay ng Panginoon sa inyo
ang inyong mga kapatid na di-
nalang bihag ng mga Lamanita.
7 At ito ay nangyari na, na ti-
nawid ni Zoram at ng kanyang
mga anak ang ilog Sidon, kasa-
ma ang kanilang mga hukbo, at
humayo palayo sa kabilang iba-
yo ng mga hangganan ng Manti
patungo sa timog ilang, na nasa
silangang dako ng ilog Sidon.
8 At kanilang sinalakay ang
mga hukbo ng mga Lamanita,
at ang mga Lamanita ay nai-
kalat at naitaboy patungo sa
ilang; at kinuha nila ang kani-
lang mga kapatid na nadalang
bihag ng mga Lamanita, at wala
ni isa mang tao nila na nadalang
bihag ang nawala. At sila ay di-
nala ng kanilang mga kapatid
upang angkinin ang kanilang
sariling mga lupain.
9 At sa gayon nagtapos ang
ikalabing-isang taon ng mga hu-
kom, ang mga Lamanita ay nai-
taboy palabas ng lupain, at ang
mga tao ng Ammonihas ay [a]na-
lipol; oo, ang lahat ng nabubu-
hay na tao ng mga Ammoniha-
sita ay [b]nalipol, at gayon din ang
kanilang malaking lunsod, na
kanilang sinabi na hindi maga-
gawang wasakin ng Diyos, da-
hil sa lakas nito.
10 Subalit masdan, sa [a]isang
araw ay naiwan itong mapang-
law; at ang mga bangkay ay ni-
luray ng mga aso at mababa-
ngis na hayop ng ilang.
11 Gayon pa man, makalipas
ang maraming araw, ang kani-
lang mga patay na katawan ay
nabunton sa ibabaw ng lupa,
at natabunan sila ng mababaw
na pagkakatabon. At ngayon
umaalingasaw ang amoy ni-
yon kung kaya't hindi na nag-
tungo pa ang mga tao sa lupain
ng Ammonihas nang maraming
taon upang ito ay angkinin. At
tinawag itong Kapanglawan ng
mga Nehor; sapagkat sila ay
nasa katungkulan ni [a]Nehor,

6*a* Alma 43:23–24.
9*a* Alma 8:16; 9:18–24; Morm. 6:15–22.
*b* Alma 25:1–2.
10*a* Alma 9:4.
11*a* Alma 1:15; 24:28–30.

na mga nangamatay; at ang kanilang mga lupain ay nanatiling mapanglaw.
12 At ang mga Lamanita ay hindi na muling sumalakay pa upang makidigma laban sa mga Nephita hanggang sa ikalabing-apat na taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi. At sa gayon sa loob ng tatlong taon ang mga tao ni Nephi ay nagkaroon ng patuloy na kapayapaan sa buong lupain.
13 At sina Alma at Amulek ay humayong nangangaral ng pagsisisi sa mga tao sa kanilang mga [a]templo, at kanilang mga santuwaryo, at gayon din sa kanilang mga [b]sinagoga, na naitayo alinsunod sa pamamaraan ng mga Judio.
14 At kasindami ng nakikinig sa kanilang mga salita, sa kanila'y patuloy na ibinahagi nila ang salita ng Diyos, na walang sino mang taong [a]itinatangi.
15 At sa gayon humayo sina Alma at Amulek, at ang marami pa rin sa mga napili para sa gawain, upang ipangaral ang salita sa lahat ng dako ng buong lupain. At ang pagtatatag ng simbahan ay naging pangkalahatan sa lahat ng dako ng lupain, sa lahat ng lugar sa palibot, sa lahat ng tao ng mga Nephita.
16 At [a]walang di pagkakapantay-pantay sa kanila; ibinuhos ng Panginoon ang kanyang Espiritu sa lahat ng dako ng lupain, upang ihanda ang mga isipan ng mga anak ng tao, o upang ihanda ang kanilang mga [b]puso na tanggapin ang salitang ituturo sa kanila sa panahon ng kanyang pagparito—
17 Upang hindi sila maging mapagmatigas laban sa salita, nang hindi sila maging mapag-alinlangan, at matungo sa pagkalipol, kundi ang tanggapin nila ang salita nang may kagalakan, at tulad ng isang [a]sanga ay maihugpong sa tunay na [b]puno ng ubas, upang sila ay makapasok sa [c]kapahingahan ng Panginoon nilang Diyos.
18 Ngayon, yaong mga [a]saserdoteng nagsipaghayo sa mga tao ay nangaral laban sa lahat ng pagsisinungaling, at [b]panlilinlang, at [c]inggitan, at sigalutan, at masasamang hangarin, at panlalait, at pagnanakaw, panloloob, pandarambong, pagpaslang, pakikiapid, at lahat ng uri ng kahalayan, nangangaral na ang mga bagay na ito ay hindi dapat mangyari—
19 Ipinangangaral ang mga bagay na nalalapit nang dumating; oo, ipinangangaral ang [a]pagparito ng Anak ng Diyos, ang kanyang mga paghihirap at kamatayan, at gayon din ang

13*a* 2 Ne. 5:16.
*b* Alma 21:4–6, 20.
14*a* Alma 1:30.
16*a* Mos. 18:19–29; 4 Ne. 1:3.
*b* GBK Bagbag na Puso.
17*a* Jac. 5:24.
*b* GBK Ubasan ng Panginoon.
*c* Alma 12:37; 13:10–13.
18*a* Alma 15:13.
*b* GBK Mapanlinlang, Manlinlang, Panlilinlang.
*c* GBK Inggit.
19*a* GBK Jesucristo—Mga propesiya hinggil sa pagsilang at kamatayan ni Jesucristo.

pagkabuhay na mag-uli ng mga
patay.
20 At marami sa mga tao ang
nagtanong hinggil sa kung sa-
ang lugar ang Anak ng Diyos
ay paroroon; at itinuro sa kani-
la na [a]magpapakita siya sa ka-
nila [b]matapos ang kanyang pag-
kabuhay na mag-uli; at ang mga
ito ay pinakinggan ng mga tao
nang buong kagalakan.
21 At ngayon matapos na mai-
tatag ang simbahan sa lahat ng
dako ng buong lupain—natamo
ang [a]tagumpay laban sa diyab-
lo, at ang salita ng Diyos ay nai-
pangaral sa kadalisayan nito sa
buong lupain, at ibinubuhos ng
Panginoon ang kanyang mga
pagpapala sa mga tao—sa gayon
nagtapos ang ikalabing-apat na
taon ng panunungkulan ng mga
hukom sa mga tao ni Nephi.

---

Ang ulat ng mga anak na lalaki ni Mosias, na tumanggi sa kanilang mga karapatan sa kaharian dahil sa salita ng Diyos, at umahon sa lupain ng Nephi upang mangaral sa mga Lamanita; ang kanilang mga paghihirap at pagkakaligtas—Ayon sa talaan ni Alma.

*Binubuo ng mga kabanata 17 hanggang 27 na pinagsama-sama.*

## KABANATA 17

*Taglay ng mga anak na lalaki ni Mosias ang diwa ng propesiya at ng paghahayag—Sila ay humayo sa kani-kanilang mga landas upang ipahayag ang salita sa mga Lamanita—Si Ammon ay nagtungo sa lupain ng Ismael at naging tagapagsilbi ni Haring Lamoni—Iniligtas ni Ammon ang mga kawan ng hari at pinatay ang kanyang mga kaaway sa tubig ng Sebus. Talata 1–3, mga 77 B.C.; talata 4, mga 91–77 B.C.; at talata 5–39, mga 91 B.C.*

NGAYON ito ay nangyari na,
na habang si Alma ay naglalak-
bay mula sa lupain ng Gedeon
patimog, palayo sa lupain ng
Manti, masdan, sa panggigila-
las niya, [a]nakasalubong niya
ang mga [b]anak na lalaki ni Mo-
sias na naglalakbay patungo sa
lupain ng Zarahemla.
2 Ngayon, ang mga anak na
ito ni Mosias ay kasama ni
Alma sa panahong [a]unang nag-
pakita ang anghel sa kanya;
kaya nga, si Alma ay labis na
nagalak na makita ang kan-
yang mga kapatid; at ang naka-
ragdag pa sa kanyang kagala-
kan, sila ay kanya pa ring mga
kapatid sa Panginoon; oo, at
sila ay naging malakas sa kaa-
laman ng katotohanan; sapag-
kat sila'y mga lalaking may
malinaw na pang-unawa at [b]si-
naliksik nila nang masigasig
ang mga banal na kasulatan
upang malaman nila ang salita
ng Diyos.
3 Subalit hindi lamang ito; iti-
nuon nila ang kanilang sarili sa

---

20*a* 2 Ne. 26:9;
3 Ne. 11:7–14.
*b* 1 Ne. 12:4–6.
21*a* Alma 15:17.
**17** 1*a* Alma 27:16.
*b* Mos. 27:34.
2*a* Mos. 27:11–17.
*b* GBK Banal na Kasulatan, Mga.

maraming panalangin, at [a]pag-
aayuno; kaya nga taglay nila
ang diwa ng propesiya, at ang
diwa ng paghahayag, at kapag
sila ay [b]nagturo, sila ay nagtu-
turo nang may kapangyarihan
at karapatan ng Diyos.
4 At sila ay nakapagturo na
ng salita ng Diyos sa loob ng
labing-apat na taon sa mga La-
manita, nakatamo ng malaking
[a]tagumpay sa [b]pagdadala sa ma-
rami sa kaalaman ng katoto-
hanan; oo, sa kapangyarihan ng
kanilang mga salita ay marami
ang nadala sa harapan ng dam-
bana ng Diyos, upang mana-
wagan sa kanyang pangalan at
[c]magtapat ng kanilang mga ka-
salanan sa kanyang harapan.
5 Ngayon, ito ang mga pang-
yayaring naganap sa kanila sa
kanilang mga paglalakbay, sa-
pagkat sila ay maraming na-
ging paghihirap; at sila'y labis
na nagdusa, kapwa sa katawan
at sa isipan, tulad ng gutom,
uhaw at pagod, at gayon din sa
labis na [a]paghihirap ng espiritu.
6 Ngayon, ito ang kanilang
mga paglalakbay: Matapos na
[a]iwanan ang kanilang ama, si
Mosias, sa unang taon ng mga
hukom; [b]tinanggihan ang kaha-
riang nais na igawad sa kanila
ng kanilang ama, at ito rin ang
kapasiyahan ng mga tao;
7 Gayon pa man, nilisan nila
ang lupain ng Zarahemla, at di-
nala ang kanilang mga espada,
at kanilang mga sibat, at ka-
nilang mga busog, at kanilang
mga palaso, at kanilang mga
tirador; at ito ay ginawa nila
upang matustusan nila ang ka-
nilang sarili ng pagkain saman-
talang nasa ilang.
8 At sa gayon sila lumisan pa-
tungo sa ilang kasama ang ka-
nilang bilang na pinili na uma-
hon sa lupain ng Nephi, upang
ipangaral ang salita ng Diyos sa
mga Lamanita.
9 At ito ay nangyari na, na
sila ay naglakbay ng maraming
araw sa ilang, at sila ay labis na
nag-ayuno at labis na [a]nanala-
ngin upang pagkalooban sila
ng Panginoon ng bahagi ng
kanyang Espiritu upang maka-
sama nila, at manatili sa kanila,
upang sila'y maging mga [b]ka-
sangkapan sa mga kamay ng
Diyos na madala, kung maaari,
ang kanilang mga kapatid, ang
mga Lamanita, sa kaalaman ng
katotohanan, sa kaalaman ng
kawalang-batayan ng mga [c]ka-
ugalian ng kanilang mga ama,
na hindi tama.
10 At ito ay nangyari na, na sila
ay [a]dinalaw ng Panginoon ng
kanyang [b]Espiritu, at sinabi sa
kanila: [c]Maaliw. At naaliw sila.

3*a* GBK Ayuno, Pag-aayuno; Panalangin.
*b* GBK Turuan, Guro—Pagtuturo na may Espiritu.
4*a* Alma 29:14.
*b* GBK Gawaing Pangmisyonero.
*c* GBK Pagtatapat, Magtapat.
5*a* Alma 8:10.
6*a* Mos. 28:1, 5–9.
*b* Mos. 29:3.
9*a* Alma 25:17. GBK Panalangin.
*b* Mos. 23:10; Alma 26:3.
*c* Alma 3:10–12.
10*a* D at T 5:16.
*b* GBK Espiritu Santo.
*c* Alma 26:27.

11 At sinabi rin sa kanila ng Panginoon: Humayo sa mga Lamanita, na inyong mga kapatid, at pagtibayin ang aking salita; gayon man, kayo ay maging [a]matiyaga sa mahabang pagtitiis at paghihirap, upang kayo ay makapagpakita sa kanila ng mabubuting halimbawa sa akin, at gagawin ko kayong kasangkapan sa aking mga kamay tungo sa kaligtasan ng maraming tao.

12 At ito ay nangyari na, na ang mga puso ng mga anak ni Mosias, at gayon din yaong mga kasama nila, ay nagkalakas-loob na humayo sa mga Lamanita upang ipahayag sa kanila ang salita ng Diyos.

13 At ito ay nangyari na, nang sila ay dumating sa mga hangganan ng lupain ng mga Lamanita, sila ay [a]naghiwa-hiwalay at nilisan ang isa't isa, nagtitiwala sa Panginoon na muli silang magkikita-kita sa katapusan ng kanilang [b]pag-aani; sapagkat inaakala nilang dakila ang gawaing kanilang ginawa.

14 At tunay na dakila ito, sapagkat isinagawa nilang ipangaral ang salita ng Diyos sa isang [a]mababangis at matitigas at malulupit na tao; mga taong nagagalak sa pagpaslang ng mga Nephita, at nilolooban at dinadambong sila; at ang kanilang mga puso ay nakalagak sa mga kayamanan, o sa ginto at pilak, at mahahalagang bato; gayon man hinangad nilang matamo ang mga bagay na ito sa pamamagitan ng pagpaslang at pandarambong, upang hindi sila gumawa para sa mga yaon sa pamamagitan ng kanilang sariling mga kamay.

15 Sa gayon sila ay mga taong napakatatamad, ang marami sa kanila ay sumamba sa mga diyus-diyusan, at ang [a]sumpa ng Diyos ay napasakanila dahil sa mga [b]kaugalian ng kanilang mga ama; sa kabila nito ang mga pangako ng Panginoon ay nakalaan sa kanila kung magsisisi.

16 Anupa't ito ang [a]dahilan kung bakit ginawa ng mga anak ni Mosias ang gawain, nagbabaka sakaling kanilang madala sila sa pagsisisi; nagbabaka sakaling kanilang madala sila sa kaalaman ng plano ng pagtubos.

17 Samakatwid naghiwa-hiwalay ang bawat isa sa kanila, at humayo sa kanila, bawat lalaki ay nag-iisa, alinsunod sa salita at kapangyarihan ng Diyos na ibinigay sa kanya.

18 Ngayon, sa pagiging pinuno ni Ammon sa kanila, o sa lalong maliwanag siya ay nangaral sa kanila, at kanyang nilisan sila, matapos silang [a]basbasan alinsunod sa kanilang kani-kanyang patutunguhan, matapos na maibahagi ang salita ng Diyos sa kanila, o naglingkod sa kanila bago ang kanyang paglisan; at

11*a* Alma 20:29.
GBK Tiyaga.
13*a* Alma 21:1.
*b* Mat. 9:37.
14*a* Mos. 10:12.
15*a* Alma 3:6–19;
3 Ne. 2:15–16.
*b* Alma 9:16–24; 18:5.
16*a* Mos. 28:1–3.
18*a* GBK Pagpapala,
Pagpapalain,
Pinagpala.

sa gayon sila ay nagsimula sa kani-kanyang paglalakbay sa lahat ng dako ng lupain.
19 At si Ammon ay nagtungo sa lupain ng Ismael, ang lupaing tinawag alinsunod sa mga anak na lalaki ni [a]Ismael, na siya ring mga naging Lamanita.
20 At nang pasukin ni Ammon ang lupain ng Ismael, ang mga Lamanita ay dinakip siya at iginapos siya, tulad ng kanilang nakaugalian na igapos ang lahat ng Nephita na nahuhulog sa kanilang mga kamay, at dinadala sila sa harapan ng hari; at sa gayon ipinauubaya sa kasiyahan ng hari na patayin sila, o panatilihin sila sa pagkabihag, o itapon sila sa bilangguan, o itaboy sila palabas ng kanyang lupain, alinsunod sa kanyang kagustuhan at kasiyahan.
21 At sa gayon dinala si Ammon sa harapan ng hari na nasa lupain ng Ismael; at ang kanyang pangalan ay Lamoni; at siya ay isang inapo ni Ismael.
22 At tinanong ng hari si Ammon kung nais niyang manirahan sa lupain sa mga Lamanita, o sa kanyang mga tao.
23 At sinabi ni Ammon sa kanya: Oo, nais kong manirahan sa mga taong ito ng ilang panahon; oo, at marahil hanggang sa araw na ako ay mamatay.
24 At ito ay nangyari na, na si haring Lamoni ay labis na nasiyahan kay Ammon, at nag-utos na kalagan ang kanyang mga gapos; at kanyang ninais na pakasalan ni Ammon ang isa sa kanyang mga anak na babae upang maging asawa.
25 Subalit sinabi ni Ammon sa kanya: Hindi, kundi magiging tagapagsilbi ninyo ako. Anupa't si Ammon ay naging tagapagsilbi ni haring Lamoni. At ito ay nangyari na, na siya ay isinama sa iba pang mga tagapagsilbi upang bantayan ang mga kawan ni Lamoni, alinsunod sa kinaugalian ng mga Lamanita.
26 At makalipas ang tatlong araw na nasa paglilingkod siya ng hari, habang siya ay kasama ng mga tagapagsilbing Lamanita na nagtungo kasama ang kanilang mga kawan sa lugar ng tubig, na tinatawag na tubig ng Sebus, at doon itinataboy ng lahat ng Lamanita ang kanilang mga kawan, upang makainom ang mga ito ng tubig—
27 Samakatwid, habang itinataboy ni Ammon at ng mga tagapagsilbi ng hari ang kanilang mga kawan sa lugar na ito ng tubig, masdan, ilang bilang ng mga Lamanita, na nagtungong kasama ang kanilang mga kawan upang painumin, ay tumindig at ikinalat ang mga kawan ni Ammon at ng mga tagapagsilbi ng hari, at kanilang ikinalat ang mga ito hanggang sa magpanakbuhan ang mga ito sa iba't ibang dako.
28 Ngayon, ang mga tagapagsilbi ng hari ay nagsimulang bumulung-bulong, sinasabing: Ngayon tayo ay ipapapatay ng hari, tulad ng kanyang ginawa sa ating mga kapatid sapagkat

19*a* 1 Ne. 7:4–6.

ang kanilang mga kawan ay nai-
kalat dahil sa kasamaan ng kala-
lakihang ito. At sila ay nagsimu-
lang manangis nang labis, sina-
sabing: Masdan, ang ating mga
kawan ay nakakalat na.
29 Ngayon, sila ay nagpana-
ngisan dahil sa takot na patayin.
Ngayon, nang makita ito ni
Ammon ay tumaba ang kan-
yang puso sa kagalakan; sapag-
kat sinabi niya, ipakikita ko ang
aking kapangyarihan sa kanila
na kapwa ko mga tagapagsilbi,
o ang kapangyarihan na nasa
akin, sa pagpapanumbalik ng
mga kawang ito sa hari, upang
makamtan ko ang pagtitiwala
ng mga kapwa ko tagapagsil-
bing ito, nang maakay ko silang
maniwala sa aking mga salita.
30 At ngayon, ito ang mga na-
sasaisip ni Ammon, nang kan-
yang makita ang mga paghihi-
rap ng mga yaong tinatawag
niyang kanyang mga kapatid.
31 At ito ay nangyari na, na
kanyang hinibok sila sa pama-
magitan ng kanyang mga sali-
ta, sinasabing: Mga kapatid ko,
magsipagsaya at halinang hu-
mayo tayo sa paghahanap sa
mga kawan, at sama-samang
titipunin natin ang mga ito at
ibabalik ang mga ito sa lugar
ng tubig; at sa gayon mapanga-
ngalagaan natin ang mga ka-
wan para sa hari at hindi niya
tayo ipapapatay.
32 At ito ay nangyari na, na
sila ay humayo sa paghahanap
sa mga kawan, at sinunod nila si
Ammon, at nagmadali sila nang
napakabilis at hinarang ang
mga kawan ng hari, at sama-sa-
mang tinipong muli ang mga ito
sa lugar ng tubig.
33 At yaong mga lalaki ay mu-
ling tumindig upang ikalat ang
kanilang mga kawan; subalit si-
nabi ni Ammon sa kanyang mga
kapatid: Palibutan ang mga ka-
wan upang hindi magpanakbu-
han ang mga ito; at ako ay ha-
hayo at makikipaglaban ako sa
mga lalaking ito na mga nagka-
kalat ng ating mga kawan.
34 Samakatwid, ginawa nila
ang iniutos sa kanila ni Ammon,
at siya ay humayo at tumindig
upang makipaglaban sa mga ya-
ong nakatindig sa malapit sa
mga tubig ng Sebus; at ang kani-
lang bilang ay hindi kakaunti.
35 Kaya nga, hindi sila nata-
kot kay Ammon, sapagkat ina-
kala nila na isa sa kanilang mga
tauhan ay makakayang pata-
yin siya alinsunod sa kanilang
kasiyahan, sapagkat hindi nila
nalalaman na ang Panginoon
ay nangako kay Mosias na [a]ili-
ligtas niya ang kanyang mga
anak mula sa mga kamay nila;
ni ang nalalaman nila ang ano
mang bagay hinggil sa Pangino-
on; anupa't sila ay nagagalak sa
pagkawasak ng kanilang mga
kapatid; at sa kadahilanang ito
sila ay tumindig upang ikalat
ang mga kawan ng hari.
36 Subalit si [a]Ammon ay tu-
mindig at nagsimulang mag-
pukol ng mga bato sa kanila sa
pamamagitan ng kanyang tira-
dor; oo, sa kahanga-hangang

35*a* Mos. 28:7; Alma 19:22–23.
36*a* Eter 12:15.

lakas ay kanyang tinirador sila;
at sa gayon napatay niya ang
[b]ilang bilang nila kung kaya't
nagsimula silang manggilalas
sa kanyang lakas; gayon pa man
sila ay nagalit dahil sa pagkaka-
patay sa kanilang mga kapatid,
at nagtika silang pabagsakin
siya; kaya nga, nakikitang [c]hindi
nila siya matamaan ng kanilang
mga bato, sumugod silang dala
ang mga pambambo upang pa-
tayin siya.
37 Subalit masdan, bawat
lalaking nagtaas ng kanyang
pambambo upang hampasin si
Ammon, ay pinuputol niya ang
kanilang mga bisig sa pama-
magitan ng kanyang espada;
sapagkat napaglabanan niya
ang kanilang mga hampas sa
pamamagitan ng pagpuputol
ng kanilang mga bisig ng talim
ng kanyang espada, kung ka-
ya't nagsimula silang manggi-
lalas, at nagsimulang magsita-
kas sa kanyang harapan; oo,
ang kanilang bilang ay hindi
kakaunti; at kanyang napatak-
bo sila sa pamamagitan ng la-
kas ng kanyang bisig.
38 Ngayon, anim sa kanila ang
bumagsak sa pamamagitan ng
tirador, subalit wala siyang pi-
natay maliban sa kanilang pi-
nuno sa pamamagitan ng kan-
yang espada; at kasindami ng
mga bisig na nagtaas laban sa
kanya ay pinutol niya, at hindi
ito kakaunti.
39 At nang kanyang maitaboy
sila sa malayo, siya ay nagbalik
at pinainom nila ang kanilang
mga kawan at ibinalik ang mga
ito sa pastulan ng hari, at pag-
katapos ay nagtungo sa hari,
dala-dala ang mga bisig na pi-
nutol ng espada ni Ammon, ng
yaong mga naghangad na pata-
yin siya; at dinala ang mga ito
sa hari bilang patotoo ng mga
bagay na kanilang ginawa.

## KABANATA 18

*Inakala ni Haring Lamoni na si Ammon ang Dakilang Espiritu—Itinuro ni Ammon sa hari ang tungkol sa Paglikha, ang pakikitungo ng Diyos sa mga tao, at ang pagtubos na darating sa pamamagitan ni Cristo—Si Lamoni ay naniwala at bumagsak sa lupa na tila patay. Mga 90 B.C.*

AT ito ay nangyari na, na si ha-
ring Lamoni ay nag-utos sa kan-
yang mga tagapagsilbi na tu-
mindig at magpatotoo sa lahat
ng bagay na kanilang nakita
hinggil sa bagay na yaon.
2 At nang magpatotoo silang
lahat sa mga bagay na nakita
nila, at nalaman niya ang kata-
patan ni Ammon sa panganga-
laga sa kanyang mga kawan, at
gayon din ang tungkol sa kan-
yang kahanga-hangang lakas sa
pakikipaglaban sa mga yaong
naghangad na patayin siya, na
labis siyang nanggilalas, at nag-
sabi: Tunay, ito ay higit pa sa
isang tao. Masdan, hindi ba ito
ang Dakilang Espiritu na siyang
nagpapadala ng gayong mabibi-
gat na kaparusahan sa mga ta-
ong ito, dahil sa kanilang mga
pagpaslang?

36*b* Alma 18:16. *c* Alma 18:3.

3 At tinugon nila ang hari, at
nagsabi: Kung siya man ang Da-
kilang Espiritu o isang tao, ay
hindi namin nalalaman; subalit
ito lamang ang nalalaman na-
min, na [a]hindi siya mapapatay
ng mga kaaway ng hari; ni ang
magawa nilang ikalat ang mga
kawan ng hari kapag kasama
namin siya, dahil sa kanyang
kasanayan at kahanga-hangang
lakas; kaya nga, nalalaman na-
min na siya ay kaibigan ng hari.
At ngayon, O hari, hindi kami
naniniwala na ang isang tao ay
may gayong kahanga-hangang
lakas, sapagkat nalalaman na-
ming hindi siya maaaring ma-
patay.
4 At ngayon, nang marinig ng
hari ang mga salitang ito, sina-
bi niya sa kanila: Ngayon nala-
laman ko na ito ang Dakilang
Espiritu; at siya ay bumaba sa
panahong ito upang pangala-
gaan ang inyong mga buhay,
upang hindi ko kayo [a]ipapatay
na tulad sa inyong mga kapa-
tid. Ngayon, ito ang Dakilang
Espiritu na siyang sinabi ng
ating mga ama.
5 Ngayon, ito ang kaugalian
ni Lamoni, na natanggap niya
mula sa kanyang ama, na may
[a]Dakilang Espiritu. Sa kabila
nang naniniwala sila sa Daki-
lang Espiritu, inakala nilang ano
man ang kanilang gawin ay
tama; gayon pa man, si Lamoni
ay nagsimulang labis na mata-
kot, natakot na baka nakagawa
siya ng mali sa pagpapapatay
sa kanyang mga tagapagsilbi;
6 Sapagkat kanyang ipinapa-
tay ang marami sa kanila dahil
sa ikinalat ng kanilang mga ka-
patid ang kanilang mga kawan
sa lugar ng tubig; at sa gayon,
dahil sa ikinalat nila ang kani-
lang mga kawan sila ay ipina-
patay.
7 Ngayon kagawian ito ng mga
Lamanita na tumindig sa mala-
pit sa mga tubig ng Sebus upang
ikalat ang mga kawan ng mga
tao, upang maitaboy nilang pa-
layo ang marami sa mga tupang
nakalat sa kanilang sariling lu-
pain, ito na isang kagawian ng
pandarambong sa kanila.
8 At ito ay nangyari na, na
si haring Lamoni ay nagtanong
sa kanyang mga tagapagsil-
bi, sinasabing: Nasaan ang la-
laking ito na may kahanga-
hangang lakas?
9 At sinabi nila sa kanya: Mas-
dan, pinakakain niya ang in-
yong mga kabayo. Ngayon inu-
tusan ng hari ang kanyang mga
tagapagsilbi bago pa sa pana-
hon ng pagpapainom ng kani-
lang mga kawan, na nararapat
ihanda nila ang kanyang mga
kabayo at karuwahe, at ihatid
siya sa lupain ng Nephi; sapag-
kat may malaking piging na iti-
nakda ang ama ni Lamoni sa lu-
pain ng Nephi, na siyang hari
ng buong lupain.
10 Ngayon, nang marinig ni
haring Lamoni na inihahanda ni
Ammon ang kanyang mga ka-
bayo at karuwahe siya ay lalong
nanggilalas, dahil sa katapatan
ni Ammon, sinasabing: Tunay

**18** 3*a* Alma 17:34–38.
4*a* Alma 17:28–31.
5*a* Alma 19:25–27.
GBK Diyos,
Panguluhang Diyos.

na walang sino mang tagapag-
silbi sa lahat ng tagapagsilbi ko
ang naging napakatapat na tu-
lad ng taong ito; sapagkat naa-
alaala niya maging ang lahat ng
aking mga utos upang isagawa
ang mga ito.
11 Ngayon tunay na nalalaman
ko na ito ang Dakilang Espiritu,
at nais kong siya ay magtungo
sa akin, subalit hindi ako magta-
tangka.
12 At ito ay nangyari na, nang
maihanda na ni Ammon ang
mga kabayo at karuwahe para
sa hari at sa kanyang mga taga-
pagsilbi, siya ay nagtungo sa
hari, at nakitang nagbago ang
anyo ng mukha ng hari; kaya
nga, babalik na sana siya paalis
sa kanyang harapan.
13 At isa sa mga tagapagsilbi
ng hari ang nagsabi sa kanya,
Rabana, na ang ibig ipakahulu-
gan, makapangyarihan o daki-
lang hari, ipinalalagay na ang
kanilang mga hari ay maka-
pangyarihan; at sa gayon sinabi
niya sa kanya: Rabana, nais ng
haring manatili ka.
14 Kaya nga iniharap ni
Ammon ang kanyang sarili sa
hari, at sinabi sa kanya: Ano ang
nais ninyong gawin ko para sa
inyo, O hari? At hindi siya tinu-
gon ng hari sa loob ng isang
oras, alinsunod sa kanilang oras,
sapagkat hindi niya alam kung
ano ang kanyang nararapat sa-
bihin sa kanya.
15 At ito ay nangyari na, na
muling sinabi ni Ammon sa
kanya: Ano ang nais ninyo sa
akin? Subalit hindi siya tinu-
gon ng hari.
16 At ito ay nangyari na, na
si Ammon, na puspos ng Espi-
ritu ng Diyos, kaya nga nahi-
watigan niya ang mga [a]iniisip
ng hari. At sinabi niya sa kan-
ya: Dahil ba sa narinig ninyong
ipinagtanggol ko ang inyong
mga tagapagsilbi at ang inyong
mga kawan, at pinatay ang pito
sa kanilang mga kapatid sa pa-
mamagitan ng tirador at ng es-
pada, at pinutol ang mga bisig
ng iba pa, upang maipagtang-
gol ang inyong mga kawan at
inyong mga tagapagsilbi; mas-
dan, ito ba ang sanhi ng inyong
panggigilalas?
17 Sinasabi ko sa inyo, ano ba
ito, na labis-labis ang inyong
panggigilalas? Masdan, ako ay
isang tao, at inyong tagapagsil-
bi; kaya nga, ano man ang in-
yong naising tama, yaon ay ga-
gawin ko.
18 Ngayon, nang marinig ng
hari ang mga salitang ito, muli
siyang nanggilalas, sapagkat na-
masdan niyang [a]nahihiwatigan
ni Ammon ang kanyang mga
iniisip; subalit sa kabila nito,
ibinuka ni haring Lamoni ang
kanyang bibig, at sinabi sa kan-
ya: Sino ka? Ikaw ba yaong Da-
kilang Espiritu, na [b]nakaaalam
ng lahat ng bagay?
19 Tumugon si Ammon at sina-
bi sa kanya: Hindi ako.
20 At sinabi ng hari: Paanong
nalalaman mo ang mga nilolo-

16*a* Alma 12:3.
18*a* GBK Pagkilala, Kaloob na.
*b* GBK Diyos, Panguluhang Diyos.

ob ng aking puso? Makapagsasalita ka nang walang takot, at sabihin sa akin ang hinggil sa mga bagay na ito; at sabihin mo rin sa akin sa anong kapangyarihan iyong pinatay at pinutol ang mga bisig ng aking mga kapatid na nagkalat ng aking mga kawan—

21 Ngayon, kung sasabihin mo sa akin ang hinggil sa mga bagay na ito, ano man ang naisin mo ay ibibigay ko sa iyo; at kung kinakailangan, pababantayan kita sa aking mga hukbo; subalit nalalaman kong higit kang makapangyarihan kaysa sa kanilang lahat; gayon pa man, ano man ang naisin mo sa akin ay ipagkakaloob ko sa iyo.

22 Ngayon, dahil sa si Ammon ay matalino gayon pa man hindi mapaminsala, sinabi niya kay Lamoni: Makikinig ba kayo sa aking mga salita, kung sasabihin ko sa inyo sa anong kapangyarihan nagagawa ko ang mga bagay na ito? At ito ang bagay na hinihiling ko sa inyo.

23 At tinugon siya ng hari, at sinabing: Oo, paniniwalaan ko ang lahat ng iyong salita. At sa gayong paraan siya napasang-ayon.

24 At si Ammon ay nagsimulang magsalita nang may [a]katapangan sa kanya, at sinabi sa kanya: Naniniwala ba kayo na may Diyos?

25 At tumugon siya, at sinabi sa kanya: Hindi ko nauunawaan kung ano ang ibig mong sabihin.

26 At sa gayon sinabi ni Ammon: Naniniwala ba kayo na may Dakilang Espiritu?

27 At sinabi niya, Oo.

28 At sinabi ni Ammon: Ito ang Diyos. At muling sinabi ni Ammon sa kanya: Naniniwala ba kayo na ang Dakilang Espiritung ito, na siyang Diyos, ay nilikha ang lahat ng bagay na nasa langit at nasa lupa?

29 At sinabi niya: Oo, naniniwala akong nilikha niya ang lahat ng bagay na nasa lupa; subalit hindi ko nauunawaan ang kalangitan.

30 At sinabi sa kanya ni Ammon: Ang kalangitan ay isang lugar kung saan nananahanan ang Diyos at lahat ng kanyang mga banal na anghel.

31 At sinabi ni haring Lamoni: Iyon ba ay sa itaas ng lupa?

32 At sinabi ni Ammon: Oo, at pinagmamasdan niya ang lahat ng anak ng tao; at nalalaman niya ang lahat ng [a]saloobin at layunin ng puso; sapagkat sa pamamagitan ng kanyang kamay ay nilikha silang lahat mula sa simula.

33 At sinabi ni haring Lamoni: Naniniwala ako sa lahat ng bagay na ito na iyong sinabi. Ikaw ba ay isinugo mula sa Diyos?

34 Sinabi ni Ammon sa kanya: Ako ay isang tao; at ang [a]tao sa simula ay nilikha na kawangis ng Diyos, at ako ay tinawag ng kanyang Banal na Espi-

24*a* Alma 38:12.
32*a* Amos 4:13; 3 Ne. 28:6; D at T 6:16.
34*a* Mos. 7:27; Eter 3:13–16.

ritu upang [b]ituro ang mga bagay na ito sa mga taong ito, upang sila ay madala sa kaalaman ng yaong makatarungan at totoo;
35 At isang bahagi ng [a]Espiritung yaon ang namamalagi sa akin, na nagbibigay sa akin ng [b]kaalaman, at gayon din ng kapangyarihan alinsunod sa aking pananampalataya at mga naisin na nasa Diyos.
36 Ngayon, nang sabihin ni Ammon ang mga salitang ito, siya ay nagsimula sa paglikha ng daigdig, at gayon din sa paglikha kay Adan, at sinabi sa kanya ang lahat ng bagay hinggil sa pagkahulog ng tao, at [a]inulit at inilatag sa kanyang harapan ang mga talaan at ang mga banal na [b]kasulatan ng mga tao, na sinabi ng mga [c]propeta, maging mula sa panahon na ang kanilang ama, si Lehi, ay lumisan sa Jerusalem.
37 At inulit din niya sa kanila (sapagkat ito ay sa hari at sa kanyang mga tagapagsilbi) ang lahat ng paglalakbay ng kanilang mga ama sa ilang, at lahat ng kanilang pagdurusa dahil sa gutom at uhaw, at kanilang paghihirap, at iba pa.
38 At inulit din niya sa kanila ang hinggil sa paghihimagsik nina Laman at Lemuel, at ng mga anak na lalaki ni Ismael, oo, ang lahat ng kanilang paghihimagsik ay isinalaysay niya sa kanila; at ipinaliwanag niya sa kanila ang lahat ng talaan at mga banal na kasulatan mula sa panahong lisanin ni Lehi ang Jerusalem hanggang sa kasalukuyang panahon.
39 Subalit hindi lamang ito; sapagkat ipinaliwanag niya sa kanila ang [a]plano ng pagtubos, na inihanda mula pa sa pagkakatatag ng daigdig; at ipinaalam din niya sa kanila ang hinggil sa pagparito ni Cristo, at lahat ng gawain ng Panginoon ay ipinaalam niya sa kanila.
40 At ito ay nangyari na, na matapos niyang sabihin ang lahat ng bagay na ito, at ipaliwanag ang mga ito sa hari, na ang hari ay naniwala sa lahat ng kanyang mga salita.
41 At nagsimula siyang magsumamo sa Panginoon, sinasabing: O Panginoon, maawa; alinsunod sa inyong masaganang [a]awa na inyong ipinadama sa mga tao ni Nephi, ay mapasaakin, at sa aking mga tao.
42 At ngayon, nang sabihin niya ito, siya ay nalugmok sa lupa, na tila bagang siya ay patay na.
43 At ito ay nangyari na, na siya ay binuhat ng kanyang mga tagapagsilbi at dinala siya sa kanyang asawa, at inilapag siya sa isang higaan; at nahihiga siyang tila bagang patay na sa loob ng dalawang araw at dalawang gabi; at ang kanyang asawa, at kanyang mga anak na

34*b* GBK Turuan, Guro—Pagtuturo na may Espiritu.
35*a* GBK Inspirasyon.
*b* GBK Kaalaman.
36*a* Mos. 1:4; Alma 22:12; 37:9.
*b* GBK Banal na Kasulatan, Mga.
*c* Gawa 3:18–21.
39*a* GBK Plano ng Pagtubos.
41*a* GBK Awa, Maawain.

lalaki, at kanyang mga anak na babae ay ipinagdalamhati siya, alinsunod sa pamamaraan ng mga Lamanita, labis na nananaghoy sa kanyang pagkawala.

## KABANATA 19

*Natanggap ni Lamoni ang liwanag ng buhay na walang hanggan at nakita ang Manunubos—Ang kanyang sambahayan ay nawalan ng malay-tao, at marami ang nakakita ng mga anghel—Si Ammon ay himalang pinangalagaan—Bininyagan niya ang marami at nagtatag ng isang simbahan sa kanila. Mga 90 B.C.*

AT ito ay nangyari na, na pagkalipas ng dalawang araw at dalawang gabi, kanila sanang kukunin ang kanyang katawan at ilalagay ito sa isang libingan, na ginawa nila para sa layunin ng paglilibing ng kanilang mga patay.
2 Ngayon, ang reyna na nakarinig sa katanyagan ni Ammon, kaya nga siya ay nagpasabi at nagnais na magtungo siya sa kanya.
3 At ito ay nangyari na, na ginawa ni Ammon ang ipinagutos sa kanya, at nagtungo sa reyna, at nagnais na malaman kung ano ang nais niyang ipagawa sa kanya.
4 At sinabi niya sa kanya: Ipinaalam sa akin ng mga tagapagsilbi ng aking asawa na ikaw ay isang [a]propeta ng banal na Diyos, at na mayroon kang kapangyarihang gumawa ng maraming dakilang gawain sa kanyang pangalan;
5 Anupa't kung ito ang pagbabatayan, nais kong pumasok ka at tingnan ang aking asawa, sapagkat nakahiga siya sa kanyang higaan sa loob na ng dalawang araw at dalawang gabi; at ang ilan ay nagsabing hindi pa siya patay, subalit sinasabi naman ng iba na patay na siya at namamaho na, at nararapat na siyang ilagay sa libingan; subalit sa ganang akin, hindi siya namamaho.
6 Ngayon, ito ang naisin ni Ammon, sapagkat alam niyang si haring Lamoni ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng Diyos; alam niyang ang madilim na [a]tabing ng kawalang-paniniwala ay iwinawaksi mula sa kanyang isipan, at ang [b]liwanag na umilaw sa kanyang isipan, na liwanag ng kaluwalhatian ng Diyos, na isang kagila-gilalas na liwanag ng kanyang kabutihan—oo, ang liwanag na ito ang nagbigay ng kagalakan sa kanyang kaluluwa, sa pagkakapalis ng ulap ng kadiliman, at ang liwanag ng buhay na walang hanggan ay nagningas sa kanyang kaluluwa, oo, alam niyang nadaig nito ang kanyang likas na pangangatawan, at tinangay siya sa Diyos—
7 Anupa't kung ano ang hiniling ng reyna sa kanya ay tangi niyang naisin. Kaya nga,

**19** 4*a* GBK Propeta.
6*a* 2 Cor. 4:3–4.
GBK Tabing.
*b* GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo.

siya ay pumasok upang tingnan ang hari alinsunod sa hiniling sa kanya ng reyna; at nakita niya ang hari, at alam niyang hindi siya patay.
8 At sinabi niya sa reyna: Hindi siya patay, kundi siya ay natutulog sa Diyos, at kinabukasan siya ay muling magbabangon; kaya nga, siya ay huwag ilibing.
9 At sinabi ni Ammon sa kanya: Naniniwala ka ba rito? At sinabi niya sa kanya: Wala akong katibayan maliban sa iyong salita, at ang salita ng aming mga tagapagsilbi; gayon pa man, naniniwala akong mangyayari ang alinsunod sa iyong sinabi.
10 At sinabi ni Ammon sa kanya: Pinagpala ka dahil sa iyong labis na pananampalataya; sinasabi ko sa iyo, babae, na walang gayong kalaking [a]pananampalataya sa lahat ng tao ng mga Nephita.
11 At ito ay nangyari na, na siya ay nagbantay sa higaan ng kanyang asawa mula noon maging hanggang sa kinabukasan na siyang itinakda ni Ammon na pagbangon niya.
12 At ito ay nangyari na, na siya ay bumangon, alinsunod sa mga salita ni Ammon; at nang siya ay bumangon, iniunat niya ang kanyang kamay sa babae, at nagsabi: Purihin ang pangalan ng Diyos, at pagpalain ka.
13 Sapagkat tunay na yamang ikaw ay buhay, masdan, nakita ko ang aking Manunubos; at siya ay paparito, at [a]isisilang ng isang [b]babae, at tutubusin niya ang buong sangkatauhan na naniniwala sa kanyang pangalan. Ngayon, nang sabihin niya ang mga salitang ito, ay tumaba ang kanyang puso, at muli siyang nalugmok sa kagalakan; at ang reyna ay nalugmok din, na nadaig ng Espiritu.
14 Ngayon, nang makita ni Ammon na ibinuhos ang Espiritu ng Panginoon alinsunod sa kanyang mga [a]panalangin sa mga Lamanita, na kanyang mga kapatid, na naging dahilan ng labis na pagdadalamhati ng mga Nephita, o sa lahat ng tao ng Diyos dahil sa kanilang mga kasamaan at kanilang mga [b]kaugalian, siya ay napaluhod sa kanyang mga tuhod, at nagsimulang ibuhos ang kanyang kaluluwa sa panalangin at pasasalamat sa Diyos dahil sa ginawa niya para sa kanyang mga kapatid; at siya rin ay nadaig sa [c]kagalakan; at sa gayon [d]nalugmok lahat silang tatlo sa lupa.
15 Ngayon, nang makita ng mga tagapagsilbi ng hari na nalugmok sila, na nagsimula rin silang magsumamo sa Diyos, sapagkat ang takot sa Panginoon ay nanaig din sa kanila, sapagkat [a]sila yaong tumindig sa harapan ng hari at nagpatotoo sa kanya hinggil sa kahanga-hangang lakas ni Ammon.

10*a* Lu. 7:9.
GBK Pananampalataya.
13*a* GBK Jesucristo—Mga propesiya hinggil sa pagsilang at kamatayan ni Jesucristo.
*b* 1 Ne. 11:13–21.
14*a* D at T 42:14.
*b* Mos. 1:5.
*c* GBK Kagalakan.
*d* Alma 27:17.
15*a* Alma 18:1–2.

16 At ito ay nangyari na, na sila
ay nanawagan sa pangalan ng Panginoon, sa kanilang lakas, maging hanggang sa silang lahat ay nalugmok sa lupa, maliban sa isa sa kababaihang Lamanita, na Abis ang pangalan, siya na nagbalik-loob na sa Panginoon ng maraming taon, dahil sa isang kahanga-hangang pangitain ng kanyang ama—
17 Sa gayon, sa pagbabalik-
loob sa Panginoon, at kailanman ay hindi ito naipaalam, anupa't nang makita niya na ang lahat ng tagapagsilbi ni Lamoni ay nalugmok sa lupa, at gayon din ang kanyang babaing pinagsisilbihan, ang reyna, at ang hari, at si Ammon ay nakahandusay sa lupa, ay alam niyang ito ay kapangyarihan ng Diyos; at inaakala na ang pagkakataong ito, sa pamamagitan ng pagpapaalam sa mga tao kung ano ang nangyari sa kanila, na sa pamamagitan ng pagmalas ng tagpong ito ay maging [a]dahilan upang sila ay maniwala sa kapangyarihan ng Diyos, kaya nga, siya ay tumakbo sa bahay-bahay, ipinaaalam ito sa mga tao.
18 At nagsimulang sama-sa-
mang tipunin nila ang kanilang sarili sa tahanan ng hari. At may dumating na maraming tao, at sa kanilang panggigilalas, namasdan nila ang hari, at ang reyna, at kanilang mga tagapagsilbi na nakahandusay sa lupa, at silang lahat ay nakahiga roon na tila bagang mga patay na; at nakita rin nila si Ammon, at masdan, isa siyang Nephita.
19 At ngayon, ang mga tao ay
nagsimulang bumulung-bulong sa kanilang sarili; sinasabi ng ilan na isa itong kakila-kilabot na kasamaan na sumapit sa kanila, o sa hari at sa kanyang sambahayan, sapagkat ipinahintulot niyang [a]manatili ang Nephita sa lupain.
20 Subalit sila ay pinagsabihan
ng iba, sinasabing: Ang hari ang siyang nagdala ng kasamaang ito sa kanyang sambahayan, dahil sa ipinapatay niya ang kanyang mga tagapagsilbi na nagawang ikalat ang kanilang mga kawan sa mga [a]tubig ng Sebus.
21 At sila rin ay pinagsabihan
ng mga yaong lalaking nagsitindig sa mga tubig ng Sebus at siyang [a]nagkalat ng mga kawan na pag-aari ng hari, sapagkat sila ay galit kay Ammon dahil sa bilang ng kanyang napatay sa kanilang mga kapatid sa mga tubig ng Sebus, samantalang ipinagtatanggol ang mga kawan ng hari.
22 Ngayon, isa sa kanila, na
ang kapatid na lalaki ay [a]napatay ng espada ni Ammon, sa labis na galit kay Ammon, ay hinugot ang kanyang espada at lumusob upang itarak niya ito kay Ammon, upang patayin siya; at nang itaas niya ang espada upang saksakin siya, masdan, bumagsak siyang patay.
23 Ngayon nakikita nating si
Ammon ay hindi maaaring ma-

17*a* Mos. 27:14.
19*a* Alma 17:22–23.
20*a* Alma 17:26; 18:7.
21*a* Alma 17:27; 18:3.
22*a* Alma 17:38.

patay, sapagkat sinabi ng [a]Panginoon kay Mosias, na kanyang ama: Pangangalagaan ko siya, at mangyayari sa kanya alinsunod sa iyong pananampalataya—anupa't [b]ipinagkatiwala siya ni Mosias sa Panginoon.
24 At ito ay nangyari na, nang mamasdan ng maraming tao na bumagsak na patay ang lalaki, na nagtaas ng espada upang patayin si Ammon, na nanaig ang takot sa kanilang lahat, at hindi nila tinangkang iunat ang kanilang mga kamay upang hawakan siya o sino man sa mga yaong nangalugmok; at nagsimula silang muling manggilalas sa kanilang sarili kung ano kaya ang sanhi ng kahanga-hangang kapangyarihang ito, o ano ang ibig sabihin ng lahat ng bagay na ito.
25 At ito ay nangyari na, na marami sa kanila ang nagsabi na si Ammon ang [a]Dakilang Espiritu, at ang iba ay nagsabi naman na siya ay isinugo ng Dakilang Espiritu;
26 Subalit pinagsabihan silang lahat ng iba, na nagsasabing isa siyang halimaw, na isinugo mula sa mga Nephita upang parusahan sila.
27 At may ilang nagsabing isinugo si Ammon ng Dakilang Espiritu upang sila ay pahirapan dahil sa kanilang mga kasamaan; at na ito ang Dakilang Espiritu na parating nangangalaga sa mga Nephita, na noon pa ay inililigtas sila sa kanilang mga kamay; at sinabi nilang ito ang Dakilang Espiritu na lumipol sa marami sa kanilang mga kapatid, ang mga Lamanita.
28 At sa gayon nagsimulang maging matalim ang mga pagtatalu-talo sa kanila. At samantalang sila ay nasa gayong pagtatalu-talo, ang [a]babaing tagapagsilbi na siyang nagtipun-tipon sa maraming tao ay dumating, at nang kanyang makita ang pagtatalu-talo na nasa maraming tao siya ay labis na nalungkot, maging hanggang sa maluha.
29 At ito ay nangyari na, na siya ay lumapit at hinawakan ang kamay ng reyna na baka sakaling kanyang maitayo siya mula sa lupa; at nang hawakan niya ang kanyang kamay, siya ay bumangon at tumayo sa kanyang mga paa, at sumigaw sa isang malakas na tinig, sinasabing: O mapagpalang Jesus, na nagligtas sa akin mula sa [a]kakila-kilabot na impiyerno! O mapagpalang Diyos, [b]kaawaan ang mga taong ito!
30 At nang sabihin niya ito, pinagdaop niya nang mahigpit ang kanyang mga kamay, napuspos ng kagalakan, nangungusap ng maraming salitang hindi maunawaan; at nang magawa na niya ito, hinawakan niya ang hari, si Lamoni, sa kamay, at masdan, siya ay bumangon at tumayo sa kanyang mga paa.
31 At siya, kaagad-agad, naki-

23*a* Mos. 28:7; Alma 17:35.
*b* GBK Pagtitiwala.
25*a* Alma 18:2–5.
28*a* Alma 19:16.
29*a* 1 Ne. 14:3.
*b* GBK Awa, Maawain.

kita ang pagtatalu-talo sa kan-
yang mga tao, ay lumapit at
nagsimulang pagsabihan sila, at
ituro sa kanila ang mga [a]salitang
kanyang narinig mula sa bibig
ni Ammon; at kasindami ng na-
karinig ng kanyang mga salita
ay naniwala, at nagbalik-loob sa
Panginoon.
32 Subalit marami sa kanila
ang tumangging makinig sa
kanyang mga salita; anupa't
humayo sila sa kani-kanilang
landas.
33 At ito ay nangyari na, nang
bumangon si Ammon siya rin
ay nangaral sa kanila, at gayon
din ang lahat ng tagapagsilbi ni
Lamoni; at ipinahayag nilang
lahat sa mga tao ang gayon
ding bagay—na ang kanilang
mga puso ay [a]nagbago; na wala
na silang pagnanais pang guma-
wa ng [b]masama.
34 At masdan, marami ang
nagpahayag sa mga tao na sila
ay nakakita ng mga [a]anghel at
nakipag-usap sa kanila; at sa ga-
yon nila ipinaalam sa kanila ang
mga bagay ng Diyos, at ang kan-
yang kabutihan.
35 At ito ay nangyari na, na
marami ang naniwala sa kani-
lang mga salita; at kasindami
ng naniwala ay [a]bininyagan; at
sila ay naging mabubuting tao,
at sila ay nagtatag ng isang sim-
bahan sa kanila.
36 At sa gayon nagsimula ang
gawain ng Panginoon sa mga
Lamanita; sa gayon nagsimu-
lang ibuhos ng Panginoon ang
kanyang Espiritu sa kanila; at
nakikita nating nakaunat ang
kanyang bisig sa [a]lahat ng taong
magsisisi at maniniwala sa
kanyang pangalan.

## KABANATA 20

*Pinaparoon ng Panginoon si Ammon sa Midoni upang palayain ang kanyang mga nakabilanggong kapatid—Nakasalubong nina Ammon at Lamoni ang ama ni Lamoni, na siyang hari ng buong lupain—Pinilit ni Ammon ang matandang hari na pahintulutan ang pagpapalaya sa kanyang mga kapatid. Mga 90 B.C.*

AT ito ay nangyari na, nang
maitatag nila ang isang simba-
han sa lupaing yaon, na hini-
ling ni haring Lamoni na sama-
han siya ni Ammon sa lupain
ng Nephi, upang kanyang mai-
pakilala siya sa kanyang ama.
2 At ang tinig ng Panginoon
ay nangusap kay Ammon, si-
nasabing: Hindi ka aahon sa lu-
pain ng Nephi, sapagkat mas-
dan, pagtatangkaan ng hari
ang iyong buhay; subalit mag-
tungo ka sa lupain ng Midoni;
sapagkat masdan, ang iyong
kapatid na si Aaron, at gayon
din si Muloki at Amma ay nasa
bilangguan.
3 Ngayon ito ay nangyari na,
nang ito ay marinig ni Ammon,
sinabi niya kay Lamoni: Mas-

31*a* Alma 18:36–39.
33*a* GBK Isilang na Muli, Isinilang sa Diyos.
*b* Mos. 5:2; Alma 13:12.
34*a* GBK Anghel, Mga.
35*a* GBK Pagbibinyag, Binyagan.
36*a* 2 Ne. 26:33; Alma 5:33.

dan, ang aking kapatid at mga kapanalig ay nasa bilangguan sa Midoni, at hahayo ako upang mapalaya ko sila.
4 Ngayon sinabi ni Lamoni kay Ammon: Nalalaman ko, sa [a]lakas ng Panginoon ay magagawa mo ang lahat ng bagay. Subalit masdan, ako ay sasama sa iyo sa lupain ng Midoni; sapagkat ang hari ng lupain ng Midoni, na ang pangalan ay Antiomno, ay aking kaibigan; kaya nga, ako ay magtutungo sa lupain ng Midoni, upang mahibok ko ang hari ng lupain, at palalabasin niya ang iyong mga kapatid mula sa [b]bilangguan. Ngayon sinabi ni Lamoni sa kanya: Sino ang nagsabi sa iyo na ang iyong mga kapatid ay nasa bilangguan?
5 At sinabi ni Ammon sa kanya: Walang sino mang nagsabi sa akin, maliban sa Diyos; at sinabi niya sa akin—Humayo at palayain ang iyong mga kapatid, sapagkat sila ay nasa bilangguan sa lupain ng Midoni.
6 Ngayon, nang marinig ito ni Lamoni ay ipinahanda niya sa kanyang mga tagapagsilbi ang kanyang mga [a]kabayo at kanyang mga karuwahe.
7 At sinabi niya kay Ammon: Halina, sasama ako sa iyo sa lupain ng Midoni, at doon ako ay makikiusap sa hari na palabasin niya sa bilangguan ang iyong mga kapatid.
8 At ito ay nangyari na, na habang sina Ammon at Lamoni ay naglalakbay paparoon, nakasalubong nila ang ama ni Lamoni, na siyang hari ng [a]buong lupain.
9 At masdan, sinabi ng ama ni Lamoni sa kanya: Bakit hindi ka nagtungo sa [a]piging ng dakilang araw na yaon nang magpapiging ako para sa aking mga anak, at sa aking mga tao?
10 At sinabi rin niya: Saan ka patutungo kasama ng Nephita na ito, na isa sa mga anak ng [a]sinungaling?
11 At ito ay nangyari na, na ipinaalam sa kanya ni Lamoni kung saan siya patutungo, sapagkat siya ay natakot na magdamdam siya.
12 At sinabi rin niya sa kanya ang lahat ng dahilan ng pananatili niya sa kanyang sariling kaharian, kung kaya't hindi siya nakatungo sa kanyang ama sa piging na inihanda niya.
13 At ngayon, nang maipaalam sa kanya ni Lamoni ang lahat ng bagay na ito, masdan, sa panggigilalas niya, ang kanyang ama ay nagalit sa kanya, at nagsabi: Lamoni, isusuko mo ang mga Nephita na ito, na mga anak ng sinungaling. Masdan, nilooban niya ang ating mga ama; at ngayon, ang kanyang mga anak ay nakikihalubilo na rin sa atin upang magawa nila, sa pamamagitan ng kanilang katusuhan at kanilang mga kasinungalingan, na linlangin tayo, upang muli nila tayong malooban ng ating mga ari-arian.
14 Ngayon inutusan si Lamo-

**20** 4*a* Alma 26:12.
*b* Alma 20:28–30.
6*a* Alma 18:9–10.
8*a* Alma 22:1.
9*a* Alma 18:9.
10*a* Mos. 10:12–17.

ni ng kanyang ama na kanyang nararapat patayin si Ammon sa pamamagitan ng espada. At kanyang inutusan din siya na hindi siya nararapat na magtungo sa lupain ng Midoni, kundi siya ay nararapat na magbalik kasama niya sa lupain ng [a]Ismael.

15 Subalit sinabi ni Lamoni sa kanya: Hindi ko papatayin si Ammon, ni ang magbalik ako sa lupain ng Ismael, kundi ako ay magtutungo sa lupain ng Midoni upang mapalaya ko ang mga kapatid ni Ammon, sapagkat nalalaman kong sila ay mga taong makatarungan at mga banal na propeta ng tunay na Diyos.

16 Ngayon, nang marinig ng kanyang ama ang mga salitang ito, siya ay nagalit sa kanya, at hinugot ang kanyang espada upang saksakin siya pabagsak sa lupa.

17 Subalit tumindig si Ammon at sinabi sa kanya: Masdan, hindi ninyo papatayin ang inyong anak; gayon pa man, [a]higit na mabuting siya ay bumagsak kaysa sa inyo, sapagkat masdan, siya ay [b]nagsisi na ng kanyang mga kasalanan; subalit kung babagsak kayo sa panahong ito, sa inyong galit, ang inyong kaluluwa ay hindi maliligtas.

18 At muli, kinakailangang magpigil kayo; sapagkat kung [a]papatayin ninyo ang inyong anak, siya na isang taong walang sala, ang kanyang dugo ay dadaing mula sa lupa sa Panginoon niyang Diyos, upang ang paghihiganti ay mapasainyo; at malamang na mawala sa inyo ang inyong [b]kaluluwa.

19 Ngayon, nang sabihin ni Ammon ang mga salitang ito sa kanya, kanyang tinugon siya, sinasabing: Nalalaman ko na kung papatayin ko ang aking anak, na padadanakin ko ang dugo ng walang sala; sapagkat ikaw ang naghangad na mapatay siya.

20 At iniunat niya ang kanyang kamay upang patayin si Ammon. Subalit napaglabanan ni Ammon ang kanyang mga saksak, at sinugatan din ang kanyang kamay upang hindi niya ito magamit.

21 Ngayon, nang makita ng hari na siya ay kayang patayin ni Ammon, na siya ay nagsimulang magmakaawa kay Ammon na huwag kitlin ang kanyang buhay.

22 Subalit itinaas ni Ammon ang kanyang espada, at sinabi sa kanya: Masdan, sasaksakin kita maliban sa inyong ipagkaloob sa akin na ang aking mga kapatid ay mapalaya sa bilangguan.

23 Ngayon, ang hari, natatakot na mawala ang kanyang buhay, ay nagsabi: Kung hindi mo ako papatayin ay ipagkakaloob ko sa iyo ang ano mang hihingin mo, maging ang kalahati ng kaharian.

24 Ngayon, nang makita ni Ammon na nagawa niya sa ma-

14*a* Alma 17:19.
17*a* Alma 48:23.
*b* Alma 19:12–13.
18*a* GBK Pagpaslang.
*b* D at T 42:18.

tandang hari ang alinsunod sa kanyang nais, ay sinabi niya sa kanya: Kung ipagkakaloob ninyo na ang aking mga kapatid ay palabasin sa bilangguan, at na mananatili rin kay Lamoni ang kanyang kaharian, at hindi kayo magagalit sa kanya, kundi ipagkakaloob na magawa niya ang naaayon sa kanyang sariling mga naisin sa [a]ano mang bagay na iniisip niya, sa gayon hindi kita papatayin; kung hindi kayo ay sasaksakin ko pabagsak sa lupa.

25 Ngayon, nang sabihin ni Ammon ang mga salitang ito, ang hari ay nagsimulang magsaya dahil sa kanyang buhay.

26 At nang makita niyang walang hangad si Ammon na patayin siya, at nang kanya ring makita ang dakilang pagmamahal na taglay niya para sa kanyang anak na si Lamoni, siya ay labis na nanggilalas, at sinabi: Dahil sa ito lamang ang hiniling mo, na palayain ko ang iyong mga kapatid, at pahintulutang manatili sa anak kong si Lamoni ang kanyang kaharian, masdan, ipagkakaloob ko sa iyo na manatili sa aking anak ang kanyang kaharian mula ngayon at magpakailanman; at hindi ko na siya pamamahalaan pa—

27 At ipagkakaloob ko rin sa iyo na ang iyong mga kapatid ay mapalabas sa bilangguan, at makatutungo ka at ang iyong mga kapatid sa akin, sa aking kaharian; sapagkat lubos kong nanaising makita ka. Sapagkat ang hari ay labis na nanggilalas sa mga salitang sinabi niya, at sa mga salita ring sinabi ng kanyang anak na si Lamoni, kung kaya't [a]nagnais siyang malaman ang mga ito.

28 At ito ay nangyari na, na sina Ammon at Lamoni ay nagpatuloy sa kanilang paglalakbay patungo sa lupain ng Midoni. At nakuha ni Lamoni ang pagsang-ayon sa paningin ng hari ng lupain; kaya nga, ang mga kapatid ni Ammon ay pinalabas sa bilangguan.

29 At nang makatagpo sila ni Ammon siya ay labis na nalungkot, sapagkat masdan, sila ay mga nakahubad, at ang kanilang mga balat ay labis na nagasgas dahil sa pagkakagapos ng matitibay na lubid. At sila ay nagdanas din ng gutom, uhaw, at lahat ng uri ng paghihirap; gayon pa man, sila ay naging [a]matiisin sa lahat ng kanilang mga pagdurusa.

30 At, tulad ng nangyari, naging palad nilang mahulog sa mga kamay ng higit na matitigas at higit na matitigas ang leeg na mga tao; kung kaya't sila ay tumangging makinig sa kanilang mga salita, at kanilang itinaboy silang palabas, at hinambalos sila, at itinaboy sila mula sa bahay-bahay, at mula sa isang lugar sa isa pang lugar, maging hanggang sa makarating sila sa lupain ng Midoni; at doon sila ay dinakip at itinapon sa bilangguan, at iginapos ng

24*a* Alma 21:21–22.
27*a* GBK Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba.
29*a* Alma 17:11.

[a]matitibay na lubid, at nanatili
sa bilangguan sa loob ng mara-
ming araw, at pinalaya nina
Lamoni at Ammon.

---

Ang ulat ng pangangaral nina Aaron, at Muloki, at ng kanilang mga kapatid, sa mga Lamanita.

*Binubuo ng mga kabanata 21 hanggang 26 na pinagsama-sama.*

## KABANATA 21

*Itinuro ni Aaron sa mga Amalekita ang tungkol kay Cristo at sa kanyang pagbabayad-sala—Si Aaron at ang kanyang mga kapatid ay ibinilanggo sa Midoni—Pagkatapos ng kanilang paglaya, sila ay nagturo sa mga sinagoga at marami ang napabalik-loob—Si Lamoni ay nagpahintulot ng kalayaang pangrelihiyon sa mga tao sa lupain ng Ismael. Mga 90–77 B.C.*

NGAYON, nang [a]maghiwa-hiwa-
lay si Ammon at ang kanyang
mga kapatid sa mga hangga-
nan ng lupain ng mga Lamanita,
masdan, si Aaron ay humayo
sa kanyang paglalakbay patu-
ngo sa lupaing tinatawag ng
mga Lamanita na Jerusalem, ti-
nawag ito alinsunod sa lupang
sinilangan ng kanilang mga
ama; at ito ay malayo na nag-
durugtong sa mga hangganan
ng Mormon.
2 Ngayon, ang mga Lamanita
at ang mga Amalekita at ang
mga tao ni [a]Amulon ay nagtayo
ng isang dakilang lunsod, na ti-
nawag na Jerusalem.
3 Ngayon, ang mga Lamani-
ta sa kanilang sarili ay tunay
na matitigas, subalit ang mga
Amalekita at ang mga Amulo-
nita ay higit na matitigas; anu-
pa't nagawa nilang patigasin
ng mga Lamanita ang kanilang
mga puso, upang sila ay ma-
ging matatag sa kasamaan at sa
kanilang mga karumal-dumal
na gawain.
4 At ito ay nangyari na, na si
Aaron ay dumating sa lunsod
ng Jerusalem, at unang nagsi-
mulang mangaral sa mga Ama-
lekita. At siya ay nagsimulang
mangaral sa kanila sa kanilang
mga sinagoga, sapagkat sila ay
nagtayo ng mga sinagoga alin-
sunod sa [a]orden ng mga Nehor;
sapagkat marami sa mga Ama-
lekita at mga Amulonita ang
naaalinsunod sa orden ng mga
Nehor.
5 Samakatwid, nang pumasok
si Aaron sa isa sa kanilang mga
sinagoga upang mangaral sa
mga tao, at habang nangungu-
sap siya sa kanila, masdan, may
tumindig na isang Amalekita
at nagsimulang makipagtalo sa
kanya, sinasabing: Ano itong
pinatototohanan mo? Nakakita
ka ba ng [a]anghel? Bakit hindi
nagpapakita sa amin ang mga
anghel? Masdan, hindi ba't ka-
singbuti ng mga taong ito ang
iyong mga tao?
6 Sinabi mo rin, maliban kung

30*a* Alma 26:29.
**21** 1*a* Alma 17:13, 17.
2*a* Mos. 24:1; Alma 25:4–9.
4*a* Alma 1:2–15.
5*a* Mos. 27:11–15.

kami ay magsisisi na kami ay masasawi. Paano mo nalaman ang nasasaloob at layunin ng aming mga puso? Paano mo nalamang may dahilan upang kami ay magsisi? Paano mo nalamang hindi kami mabubuting tao? Masdan, kami ay nagtayo ng mga santuwaryo, at sama-samang tinitipon namin ang aming sarili upang sumamba sa Diyos. Kami ay naniniwalang ililigtas ng Diyos ang lahat ng tao.

7 Ngayon sinabi ni Aaron sa kanya: Naniniwala ka bang paparito ang Anak ng Diyos upang tubusin ang sangkatauhan mula sa kanilang mga kasalanan?

8 At sinabi ng lalaki sa kanya: Hindi kami naniniwalang nalalaman mo ang gayong bagay. Hindi kami naniniwala sa mga hangal na kaugaliang ito. Hindi kami naniniwalang [a]nalalaman mo ang mga bagay na mangyayari, ni naniniwala kami na ang iyong mga ama at gayon din ang aming mga ama ay nalaman ang hinggil sa mga bagay na kanilang sinabi, na darating.

9 Ngayon nagsimulang buklatin ni Aaron sa kanila ang mga banal na kasulatan hinggil sa pagparito ni Cristo, at gayon din ang hinggil sa pagkabuhay na mag-uli ng mga patay, at na [a]hindi magkakaroon ng pagtubos para sa sangkatauhan maliban sa pamamagitan ng kamatayan at mga pagpapakasakit ni Cristo, at ng [b]pagbabayad-sala ng kanyang dugo.

10 At ito ay nangyari na, nang simulan niyang ipaliwanag sa kanila ang mga bagay na ito na sila ay nagalit sa kanya, at nagsimulang kutyain siya; at tumanggi silang makinig sa mga salitang kanyang sinabi.

11 Anupa't nang makita niyang tumanggi silang makinig sa kanyang mga salita, nilisan niya ang kanilang sinagoga, at nagtungo sa isang nayon na tinatawag na Ani-Anti, at doon niya natagpuan si Muloki na ipinangangaral ang salita sa kanila; at gayon din si Amma at ang kanyang mga kapatid. At sila ay nakipagtalo sa marami tungkol sa salita.

12 At ito ay nangyari na, na nakita nilang pinatitigas ng mga tao ang kanilang mga puso, kung kaya't sila ay lumisan at nakarating sa lupain ng Midoni. At ipinangaral nila ang salita sa marami, at kakaunti ang naniwala sa mga salitang kanilang itinuro.

13 Gayon pa man, si Aaron at ilang bilang ng kanyang mga kapatid ay dinakip at itinapon sa bilangguan, at ang nalalabi sa kanila ay nagsitakas sa lupain ng Midoni patungo sa mga lugar sa palibot.

14 At yaong mga itinapon sa bilangguan ay [a]nagdusa ng maraming bagay, at sila ay nakalaya sa pamamagitan ng kamay nina Lamoni at Ammon, at sila ay pinakain at dinamitan.

8*a* Jac. 7:1–8.
9*a* Mos. 5:8; Alma 38:9.
*b* GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala.
14*a* Alma 20:29.

15 At sila ay humayong muli
upang ipahayag ang salita, at sa
gayon sila nakalaya sa unang
pagkakataon sa bilangguan; at
sa gayon sila nagdusa.
16 At sila ay humayo saan
man sila akayin ng [a]Espiritu ng
Panginoon, ipinangangaral ang
salita ng Diyos sa lahat ng sina-
goga ng mga Amalekita, o sa ba-
wat pagtitipon ng mga Lama-
nita kung saan sila maaaring
tanggapin.
17 At ito ay nangyari na, na
nagsimulang pagpalain sila ng
Panginoon, kung kaya nga't
nadala nila ang marami sa kaa-
laman ng katotohanan; oo, [a]na-
paniwala nila ang marami tung-
kol sa kanilang mga kasalanan,
at sa mga kaugalian ng kanilang
mga ama, na hindi tama.
18 At ito ay nangyari na, na
sina Ammon at Lamoni ay nag-
balik sa lupain ng Ismael mula
sa lupain ng Midoni, na lupaing
kanilang mana.
19 At hindi pinahintulutan ni
haring Lamoni na si Ammon
ay maglingkod sa kanya; o ma-
ging kanyang tagapagsilbi.
20 Kundi ipinag-utos niyang
magtayo ng mga sinagoga sa
lupain ng Ismael; at ipinag-
utos niya na ang kanyang mga
tao, o ang mga taong nasa ilalim
ng kanyang panunungkulan,
ay nararapat na sama-samang
magtipon ng kanilang sarili.
21 At siya ay nagsaya hinggil
sa kanila, at kanyang tinuruan
sila ng maraming bagay. At ipi-
nahayag din niya sa kanila na si-
la'y mga taong nasasakupan
niya, at na sila'y mga taong ma-
laya, na sila ay malaya mula sa
mga pang-aapi ng hari, na kan-
yang ama; sapagkat ipinagkalo-
ob ng kanyang ama sa kanya na
siya ay makapamahala sa mga
tao na nasa lupain ng Ismael, at
sa lahat ng lupain sa palibot.
22 At ipinahayag din niya sa
kanila na sila ay may [a]kalayaan
sa pagsamba sa Panginoon ni-
lang Diyos alinsunod sa kani-
lang mga naisin, saan mang lu-
gar sila naroroon, kung ito ay
nasa lupain na nasa ilalim ng
paghahari ni haring Lamoni.
23 At si Ammon ay nangaral
sa mga tao ni haring Lamoni; at
ito ay nangyari na, na itinuro
niya sa kanila ang lahat ng ba-
gay hinggil sa mga bagay na
nauukol sa kabutihan. At kan-
yang araw-araw na pinapayu-
han sila, nang buong sigasig;
at kanilang pinakinggan ang
kanyang salita, at sila ay na-
ging masigasig sa pagsunod sa
mga kautusan ng Diyos.

## KABANATA 22

*Tinuruan ni Aaron ang ama ni Lamoni tungkol sa Paglikha, ang pagkahulog ni Adan, at ang plano ng pagtubos sa pamamagitan ni Cristo —Ang hari at ang kanyang buong sambahayan ay nagbalik-loob—Ang pagkakahati ng lupain ng mga Nephita at ng mga Lamanita ay ipinaliwanag.* Mga 90–77 B.C.

16*a* Alma 22:1.
17*a* D at T 18:44.
22*a* D at T 134:1–4; S ng P 1:11.
GBK Malaya, Kalayaan.

NGAYON, habang si Ammon ay nasa gayong patuloy na pagtuturo sa mga tao ni Lamoni, magbabalik tayo sa ulat ni Aaron at ng kanyang mga kapatid; sapagkat matapos niyang lisanin ang lupain ng Midoni, siya ay [a]inakay ng Espiritu sa lupain ng Nephi, maging sa tahanan ng hari ng buong lupain [b]maliban sa lupain ng Ismael; at siya ang ama ni Lamoni.

2 At ito ay nangyari na, na siya ay pumasok sa kanya sa palasyo ng hari, kasama ang kanyang mga kapatid, at iniyukod ang kanyang sarili sa harapan ng hari, at sinabi sa kanya: Masdan, O hari, kami ang mga kapatid ni Ammon, na inyong [a]pinalaya mula sa bilangguan.

3 At ngayon, O hari, kung hindi ninyo kikitlin ang aming mga buhay, kami ay inyong magiging mga tagapagsilbi. At sinabi ng hari sa kanila: Tumindig, sapagkat ipagkakaloob ko sa inyo ang inyong mga buhay, at hindi ko pahihintulutan na kayo ay aking maging mga tagapagsilbi; kundi ipagpipilitan kong kayo ay mangaral sa akin; sapagkat ako'y tila bagang nababagabag sa isipan dahil sa kagandahang-loob at kadakilaan ng mga salita ng inyong kapatid na si Ammon; at nais kong malaman ang dahilan kung bakit hindi siya lumisang kasama kayo sa Midoni.

4 At sinabi ni Aaron sa hari: Masdan, ang Espiritu ng Panginoon ay tinawag siya sa ibang dako; siya ay nagtungo sa lupain ng Ismael upang turuan ang mga tao ni Lamoni.

5 Ngayon sinabi ng hari sa kanila: Ano itong inyong sinabi hinggil sa Espiritu ng Panginoon? Masdan, ito ang bagay na bumabagabag sa akin.

6 At gayon din, ano itong sinabi ni Ammon—[a]Kung kayo ay magsisisi kayo ay maliligtas, at kung kayo ay hindi magsisisi, kayo ay itatakwil sa huling araw?

7 At tinugon siya ni Aaron at sinabi sa kanya: Naniniwala ba kayong may Diyos? At sinabi ng hari: Alam kong sinasabi ng mga Amalekita na may Diyos, at pinahintulutan ko silang makapagtayo ng kanilang mga santuwaryo, upang sama-samang matipon nila ang kanilang sarili na sambahin siya. At kung sasabihin mo ngayon na may Diyos, masdan, ako ay [a]maniniwala.

8 At ngayon, nang ito ay marinig ni Aaron, ang kanyang puso ay nagsimulang magsaya, at sinabi niya: Masdan, tunay na yamang kayo ay buhay, O hari, ay may Diyos.

9 At sinabi ng hari: Ang Diyos ba ay yaong [a]Dakilang Espiritu na siyang nagdalang palabas sa ating mga ama sa lupain ng Jerusalem?

10 At sinabi ni Aaron sa kanya: Oo, siya yaong Dakilang Espiritu, at [a]nilikha niya ang lahat ng bagay kapwa nasa la-

**22** 1*a* Alma 21:16–17.
*b* Alma 21:21–22.
2*a* Alma 20:26.
6*a* Alma 20:17–18.
7*a* D at T 46:13–14.
9*a* Alma 18:18–28.
10*a* GBK Likha, Paglikha.

ngit at nasa lupa. Naniniwala ba kayo rito?
11 At sinabi niya: Oo, ako ay naniniwalang nilikha ng Dakilang Espiritu ang lahat ng bagay, at hinihiling kong sabihin mo sa akin ang hinggil sa lahat ng bagay na ito, at ako ay [a]maniniwala sa iyong mga salita.
12 At ito ay nangyari na, nang makita ni Aaron na maniniwala ang hari sa kanyang mga salita, nagsimula siya mula sa paglikha kay Adan, [a]binabasa ang mga banal na kasulatan sa hari—kung paano nilikha ng Diyos ang tao sa kanyang sariling wangis, at na binigyan siya ng Diyos ng mga kautusan, at na dahil sa paglabag, ang tao ay nahulog.
13 At ipinaliwanag ni Aaron sa kanya ang mga banal na kasulatan mula sa [a]paglikha kay Adan, isinalaysay ang pagkahulog ng tao sa kanyang harapan, at kanilang makalupang kalagayan, at gayon din ang [b]plano ng pagtubos, na inihanda [c]mula pa sa pagkakatatag ng daigdig, sa pamamagitan ni Cristo, para sa lahat ng sino mang maniniwala sa kanyang pangalan.
14 At dahil sa [a]nahulog ang tao siya ay walang [b]karapatan sa alinmang bagay para sa kanyang sarili; subalit ang mga pagpapakasakit at kamatayan ni Cristo ang [c]magbabayad-sala para sa kanilang mga kasalanan, sa pamamagitan ng pananampalataya at pagsisisi, at iba pa; at nilagot niya ang mga gapos ng kamatayan, upang ang [d]libingan ay hindi magtagumpay, at ang tibo ng kamatayan ay malamon sa pag-asa ng kaluwalhatian; at ang lahat ng bagay na ito ay ipinaliwanag ni Aaron sa hari.
15 At ito ay nangyari na, na matapos ipaliwanag ni Aaron ang mga bagay na ito sa kanya, ay sinabi ng hari: [a]Ano ang nararapat kong gawin upang magkaroon ako nitong buhay na walang hanggan na sinabi mo? Oo, ano ang nararapat kong gawin upang [b]isilang sa Diyos, nang ang masamang espiritung ito ay mabunot mula sa aking dibdib, at matanggap ang kanyang Espiritu, upang ako ay mapuspos ng galak, upang hindi ako maitakwil sa huling araw? Masdan, sinabi niya, tatalikuran ko ang [c]lahat ng aking pag-aari, oo, tatalikuran ko ang aking kaharian, upang matanggap ko ang labis na kagalakang ito.
16 Subalit sinabi sa kanya ni Aaron: Kung [a]ninanais ninyo ang bagay na ito, kung kayo ay yuyukod sa harapan ng Diyos, oo, kung magsisisi kayo sa lahat ng inyong mga kasalanan, at

11*a* GBK Paniniwala, Maniwala.
12*a* 1 Ne. 5:10–18; Alma 37:9.
13*a* Gen. 1:26–28.
*b* GBK Plano ng Pagtubos.
*c* 2 Ne. 9:18.
14*a* GBK Pagkahulog nina Adan at Eva.
*b* 2 Ne. 25:23; Alma 42:10–25.
*c* Alma 34:8–16. GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala.
*d* Is. 25:8; 1 Cor. 15:55.
15*a* Gawa 2:37.
*b* Alma 5:14, 49.
*c* Mat. 13:44–46; 19:16–22.
16*a* GBK Pagbabalik-loob, Nagbalik-loob.

yuyukod sa harapan ng Diyos, at mananawagan sa kanyang pangalan nang may pananampalataya, naniniwalang makatatanggap kayo, sa gayon inyong matatanggap ang [b]pag-asang ninanais ninyo.
17 At ito ay nangyari na, nang sabihin ni Aaron ang mga salitang ito, na [a]lumuhod ang hari sa harapan ng Panginoon, sa kanyang mga tuhod; oo, maging sa itinirapa niya ang kanyang sarili sa lupa, at [b]nagsumamo nang taimtim, sinasabing:
18 O Diyos, sinabi sa akin ni Aaron na may Diyos; at kung may Diyos, at kung kayo ay Diyos, maaari bang ipakilala ninyo ang inyong sarili sa akin, at tatalikuran ko ang lahat ng aking kasalanan upang makilala kayo, at upang magbangon ako mula sa pagkamatay, at maligtas sa huling araw. At ngayon, nang sabihin ng hari ang mga salitang ito, siya ay bumagsak na tila bagang siya'y patay na.
19 At ito ay nangyari na, na ang kanyang mga tagapagsilbi ay nagtakbuhan at sinabi sa reyna ang lahat ng nangyari sa hari. At siya ay nagtungo sa hari; at nang makita niyang nakahiga siya na tila bagang siya'y patay na, at gayon din si Aaron at ang kanyang mga kapatid na nakatindig na tila bagang sila ang dahilan ng kanyang pagbagsak, na siya ay nagalit sa kanila, at nag-utos sa kanyang mga tagapagsilbi, o sa mga tagapagsilbi ng hari, na dakpin sila at patayin sila.
20 Ngayon, nakita ng mga tagapagsilbi ang dahilan ng pagbagsak ng hari, kung kaya't hindi sila nagtangkang ihawak ang kanilang mga kamay kay Aaron at sa kanyang mga kapatid; at sila ay nagmakaawa sa reyna, sinasabing: Bakit naguutos kayong patayin namin ang mga taong ito, samantalang masdan, ang isa sa kanila ay [a]higit na malakas kaysa sa aming lahat? Anupa't kami ay babagsak sa kanilang harapan.
21 Ngayon, nang makita ng reyna ang takot ng mga tagapagsilbi, siya rin ay nagsimulang matakot nang labis, na baka may kung anong masamang mangyari sa kanya. At inutusan niya ang kanyang mga tagapagsilbi na magsihayo at tawagin ang mga tao, upang kanilang patayin si Aaron at ang kanyang mga kapatid.
22 Ngayon, nang makita ni Aaron ang matibay na hangarin ng reyna, siya, na nalalaman din ang katigasan ng mga puso ng mga tao, ay nangambang baka maraming tao ang sama-samang tipunin ang kanilang sarili, at magkaroon ng malaking alitan at kaguluhan sa kanila; kung kaya't iniunat niya ang kanyang kamay at ibinangon ang hari mula sa lupa, at sinabi sa kanya: Tumindig. At siya ay tumindig sa kanyang mga paa, nanumbalik ang kanyang lakas.

16*b* Eter 12:4.
17*a* D at T 5:24.
*b* GBK Panalangin.
20*a* Alma 18:1–3.

23 Ngayon, ito ay naganap sa harapan ng reyna at marami sa mga tagapagsilbi. At nang ito ay makita nila, sila ay labis na nanggilalas, at nagsimulang matakot. At tumindig ang hari, at nagsimulang [a]mangaral sa kanila. At siya ay nangaral sa kanila, kung kaya nga't ang buo niyang sambahayan ay [b]nagbalik-loob sa Panginoon.
24 Ngayon maraming tao ang sama-samang nagtipon dahil sa utos ng reyna, at nagsimulang magkaroon ng malaking bulung-bulungan sa kanila dahil kay Aaron at sa kanyang mga kapatid.
25 Subalit tumindig ang hari sa kanila at nangaral sa kanila. At sila ay napapayapa kay Aaron at sa mga yaong kasama niya.
26 At ito ay nangyari na, nang makita ng hari na ang mga tao ay napapayapa, na pinatindig niya si Aaron at ang kanyang mga kapatid sa gitna ng maraming tao, at nang maipangaral nila ang salita sa kanila.
27 At ito ay nangyari na, na ang hari ay nagpadala ng [a]pahayag sa lahat ng dako ng lupain, sa lahat ng kanyang tao na nasa buong lupain niya, na nasa lahat ng lugar na nakapalibot, na humahanggan maging sa dagat, sa silangan at sa kanluran, at nahahati mula sa lupain ng [b]Zarahemla ng isang makitid na ilang, na ang kahabaan ay mula sa silangang dagat maging hanggang sa kanlurang dagat, at sa palibot ng mga hangganan ng dalampasigan, at sa mga hangganan ng ilang na nasa hilaga ng lupain ng Zarahemla, hanggang sa mga hangganan ng Manti, sa may unahan ng ilog Sidon, dumadaloy mula sa silangan patungo sa kanluran—at sa gayon ang mga Lamanita at ang mga Nephita ay nahahati.
28 Ngayon, ang higit na mga [a]tamad na bahagi ng mga Lamanita ay naninirahan sa ilang, at sila ay namamalagi sa mga tolda; at sila ay nakakalat sa ilang sa may kanluran, sa lupain ng Nephi; oo, at gayon din sa kanluran ng lupain ng Zarahemla, sa mga hangganan ng dalampasigan, at sa may kanluran ng lupain ng Nephi, sa lugar ng unang mana ng kanilang mga ama, at sa gayon humahanggan sa may malapit sa dalampasigan.
29 At gayon din maraming Lamanita sa may silangan ng dalampasigan, kung saan sila naitaboy ng mga Nephita. At sa gayon ang mga Nephita ay halos mapalibutan ng mga Lamanita; gayon pa man, naangkin ng mga Nephita ang lahat ng hilagang bahagi ng lupaing humahanggan sa ilang, sa unahan ng ilog Sidon, mula sa silangan hanggang sa kanluran, sa palibot ng gilid ng ilang; sa hilaga, maging hanggang sa makarating sila sa lupain na tinatawag nilang [a]Masagana.

23*a* GBK Mangasiwa; Mangaral; Turuan, Guro.
*b* GBK Pagbabalik-loob, Nagbalik-loob.
27*a* Alma 23:1–4.
*b* Omni 1:13–17.
28*a* 2 Ne. 5:22–25.
29*a* Alma 52:9; 63:5.

30 At ito ay humahanggan sa
lupain na tinawag nilang [a]Ka-
panglawan, ito na napakala-
yong pahilaga na umaabot sa
lupaing pinanirahan ng mga tao
at nalipol, kung kaninong mga
[b]buto ay sinabi namin, na natuk-
lasan ng mga tao ni Zarahemla,
ito na lugar ng kanilang [c]unang
pagdating.
31 At nagmula sila roon patu-
ngo sa timog ilang. Sa gayon
ang lupain pahilaga ay tinata-
wag na [a]Kapanglawan, at ang
lupain patimog ay tinatawag na
Masagana, ito na isang ilang na
puno ng lahat ng uri ng maba-
bangis na hayop ng bawat uri,
ilang bilang niyon ay nagmula
sa lupaing pahilaga para sa pag-
kain.
32 At ngayon, ang [a]layo nito ay
isang araw at kalahati lamang
ng paglalakbay para sa isang
Nephita, sa hangganan ng Ma-
sagana at lupain ng Kapangla-
wan, mula sa silangan hang-
gang sa kanlurang dagat; at sa
gayon ang lupain ng Nephi at
ang lupain ng Zarahemla ay ha-
los mapalibutan ng tubig, doon
na may isang maliit na [b]bahagi
ng lupa sa pagitan ng lupaing
pahilaga at ng lupaing patimog.
33 At ito ay nangyari na, na
pinanirahan ng mga Nephita
ang lupaing Masagana, maging
mula sa silangan hanggang sa
kanlurang dagat, at sa gayon
ang mga Nephita sa kanilang
karunungan, sa pamamagitan
ng kanilang mga bantay at ka-
nilang mga hukbo, ay nahara-
ngan ang mga Lamanita sa ti-
mog, upang hindi na nila ma-
angkin pa ang hilaga, upang
hindi nila maangkin pa ang
lupaing pahilaga.
34 Anupa't ang mga Lamanita
ay wala nang maaangkin pa ma-
liban sa lupain ng Nephi, at ang
ilang sa palibot. Ngayon, ito ang
karunungan ng mga Nephita—
sapagkat ang mga Lamanita ay
kanilang mga kaaway, hindi
nila pahihintulutang sila ay
magdusa sa lahat ng paraan, at
gayon din, upang magkaroon
sila ng isang bansa kung saan
sila makatatakbo, alinsunod sa
kanilang kagustuhan.
35 At ngayon ako, matapos sa-
bihin ito, ay muling magbabalik
sa ulat nina Ammon at Aaron,
Omner at Himni, at kanilang
mga kapatid.

## KABANATA 23

*Ang kalayaang pangrelihiyon ay ipinahayag—Ang mga Lamanita na nasa pitong lupain at mga lunsod ay nagbalik-loob—Tinawag nila ang sariling mga Anti-Nephi-Lehi at nakalaya sa sumpa—Tinanggihan ng mga Amalekita at ng mga Amulonita ang katotohanan. Mga 90–77* B.C.

MASDAN, ngayon ito ay nang-
yari na, na ang hari ng mga
Lamanita ay nagpadala ng [a]pa-
hayag sa lahat ng kanyang mga
tao, na hindi nila pagbubuha-

30*a* Alma 50:34; Morm. 4:1–3.
*b* Mos. 8:7–12; 28:11–19.
*c* Hel. 6:10.
31*a* Hel. 3:5–6.
32*a* Hel. 4:7.
*b* Alma 50:34.
**23** 1*a* Alma 22:27.

tan ng kanilang mga kamay si
Ammon, o Aaron, o Omner, o
Himni, ni isa man sa kanilang
mga kapatid na hahayo sa pa-
ngangaral ng salita ng Diyos,
saan mang lugar sila magtungo,
sa alinmang bahagi ng kanilang
lupain.
2 Oo, siya ay nagpadala ng
isang utos sa kanila, na hindi
nila sasalingin sila ng kanilang
mga kamay upang igapos sila,
o itapon sila sa bilangguan; ni
ang kanilang duraan sila, ni
hambalusin sila, ni itaboy silang
palabas ng kanilang mga sina-
goga, ni pahirapan sila; ni ang
kanilang pukulin sila ng mga
bato, kundi ang magkaroon sila
ng malayang pag-akyat sa ka-
nilang mga tahanan, at gayon
din sa kanilang mga templo, at
kanilang mga santuwaryo.
3 At sa gayon sila makahahayo
at makapangangaral ng salita
alinsunod sa kanilang mga na-
isin, sapagkat ang hari ay nag-
balik-loob sa Panginoon, at ang
kanyang buong sambahayan;
anupa't ipinadala niya ang kan-
yang pahayag sa lahat ng dako
ng lupain sa kanyang mga tao,
upang ang salita ng Diyos ay
hindi mahadlangan, bagkus ay
lumaganap ito sa lahat ng dako
ng buong lupain, upang ang
kanyang mga tao ay mapaniwa-
la hinggil sa masasamang [a]kau-
galian ng kanilang mga ama, at
upang sila ay mapaniwala na
silang lahat ay magkakapatid,
at na hindi sila nararapat na
pumaslang, ni mandambong,
ni magnakaw, ni makiapid, ni
ang gumawa ng ano mang uri
ng kasamaan.
4 At ngayon ito ay nangyari
na, nang ipadala ng hari ang
pahayag na ito, na si Aaron at
ang kanyang mga kapatid ay
naglakbay nang lunsod sa lun-
sod, at mula sa isang tahanan ng
pagsamba sa isa pa, nagtatatag
ng mga simbahan, at nagtatala-
ga ng mga saserdote at guro sa
lahat ng dako ng lupain sa mga
Lamanita, upang ipangaral at
ituro ang salita ng Diyos sa ka-
nila; at sa gayon sila nagsimu-
lang magtamo ng malaking ta-
gumpay.
5 At libu-libo ang nadala sa ka-
alaman ng Panginoon, oo, libu-
libo ang nadalang maniwala sa
mga [a]kaugalian ng mga Nephi-
ta; at itinuro sa kanila ang mga
[b]talaan at propesiyang ipinasa-
pasa maging hanggang sa ka-
salukuyan.
6 At tunay na yamang buhay
ang Panginoon, tunay na kasin-
dami ng naniwala, o kasindami
ng nadala sa kaalaman ng kato-
tohanan, sa pamamagitan ng
pangangaral ni Ammon at ng
kanyang mga kapatid, alinsu-
nod sa diwa ng paghahayag at
ng propesiya, at ng kapangya-
rihan ng Diyos na gumagawa
ng mga himala sa kanila—oo,
sinasabi ko sa inyo, yamang
buhay ang Panginoon, kasin-
dami ng mga Lamanita na na-
niwala sa kanilang panganga-

3*a* Alma 26:24.
5*a* Alma 37:19.
*b* Alma 63:12.
GBK Banal na Kasulatan, Mga.

ral, at mga [a]nagbalik-loob sa Panginoon, [b]kailanman ay hindi nagsitalikod.
7 Sapagkat sila ay naging mabubuting tao; ibinaba nila ang kanilang mga sandata ng paghihimagsik, na hindi na nila muli pang nilabanan ang Diyos, ni ang labanan ang sino man sa kanilang mga kapatid.
8 Ngayon, ito [a]sila na mga nagbalik-loob sa Panginoon:
9 Ang mga tao ng mga Lamanita na nasa lupain ng Ismael;
10 At gayon din ang mga tao ng mga Lamanita na nasa lupain ng Midoni;
11 At gayon din ang mga tao ng mga Lamanita na nasa lunsod ng Nephi;
12 At gayon din ang mga tao ng mga Lamanita na nasa lupain ng Silom, at nasa lupain ng [a]Semlon, at sa lunsod ng Lemuel, at sa lunsod ng Simnilom.
13 At ito ang mga pangalan ng mga lunsod ng mga Lamanita na [a]nagbalik-loob sa Panginoon; at ito sila na mga nagbaba ng mga sandata ng kanilang paghihimagsik, oo, lahat ng kanilang sandata ng digmaan; at lahat sila ay mga Lamanita.
14 At ang mga Amalekita ay hindi [a]nagbalik-loob, maliban sa isa; ni ang sino man sa mga [b]Amulonita; sa halip pinatigas nila ang kanilang mga puso, at gayon din ang mga puso ng mga Lamanita sa bahaging yaon ng lupain saan man sila naninirahan, oo, at lahat ng kanilang nayon, at lahat ng kanilang lunsod.
15 Anupa't binanggit namin ang lahat ng lunsod ng mga Lamanita kung saan sila ay nangagsisi at dumating sa kaalaman ng katotohanan, at mga nagbalik-loob.
16 At ngayon ito ay nangyari na, na ang hari at yaong mga nagbalik-loob ay nagnais magkaroon ng pangalan, upang sila ay makilala mula sa kanilang mga kapatid; kaya nga, ang hari ay nakipagsanggunian kay Aaron at marami sa kanilang mga saserdote, hinggil sa pangalang tataglayin nila sa kanilang sarili, upang sila ay makilala.
17 At ito ay nangyari na, na tinawag nila ang kanilang pangalan na [a]Anti-Nephi-Lehi; at sila ay tinawag sa pangalang ito at hindi na tinawag pang mga Lamanita.
18 At sila ay nagsimulang maging napakasisipag na tao; oo, at sila ay naging magigiliw sa mga Nephita; anupa't, sila ay nagbukas ng pakikipag-ugnayan sa kanila, at ang [a]sumpa ng Diyos ay hindi na sila sinundan pa.

## KABANATA 24

*Sinalakay ng mga Lamanita ang mga tao ng Diyos—Ang mga Anti-Nephi-Lehi ay nagsaya kay Cristo at dinalaw ng mga anghel*

6*a* GBK Pagbabalik-loob, Nagbalik-loob.
*b* Alma 27:27.
8*a* Alma 26:3, 31.
12*a* Mos. 22:8, 11.
13*a* Alma 53:10.
14*a* Alma 24:29.
*b* Mos. 23:31–39.
17*a* GBK Anti-Nephi-Lehi.
18*a* 1 Ne. 2:23; 2 Ne. 30:5–6; 3 Ne. 2:14–16.

*—Pinili nilang magdusa ng kamatayan kaysa sa ipagtanggol ang kanilang sarili—Marami pa sa mga Lamanita ang nagbalik-loob. Mga 90–77 B.C.*

AT ito ay nangyari na, na ang mga Amalekita at ang mga Amulonita at ang mga Lamanita na nasa lupain ng Amulon, at gayon din sa lupain ng Helam, at nasa lupain ng [a]Jerusalem, at sa lalong maliwanag, sa lahat ng lupain sa palibot, na hindi nagbalik-loob at hindi tinaglay sa kanilang sarili ang pangalang [b]Anti-Nephi-Lehi, ay pinukaw ng mga Amalekita at ng mga Amulonita na magalit laban sa kanilang mga kapatid.

2 At ang kanilang poot ay labis na naging masidhi laban sa kanila, maging hanggang sa sila ay nagsimulang maghimagsik laban sa kanilang hari, hanggang sa sila ay tumanggi na maging hari pa nila siya; kaya nga, sila ay humawak ng mga sandata laban sa mga tao ni Anti-Nephi-Lehi.

3 Ngayon iginawad ng hari sa kanyang anak ang kaharian, at tinawag niya ang kanyang pangalang Anti-Nephi-Lehi.

4 At ang hari ay namatay sa taon ding yaon nang magsimulang maghanda ang mga Lamanita na makidigma laban sa mga tao ng Diyos.

5 Ngayon, nang makita ni Ammon at ng kanyang mga kapatid at ng lahat ng yaong nagsisama sa kanya ang mga paghahanda ng mga Lamanita upang lipulin ang kanilang mga kapatid, sila ay nagtungo sa lupain ng Media, at doon kinatagpo ni Ammon ang lahat ng kanyang mga kapatid; at mula roon sila ay nagtungo sa lupain ng Ismael upang makapagdaos sila ng isang [a]pagpupulong na kasama si Lamoni at kasama rin ang kanyang kapatid na si Anti-Nephi-Lehi, kung ano ang kanilang nararapat gawin upang ipagtanggol ang kanilang sarili laban sa mga Lamanita.

6 Ngayon wala ni isa mang kaluluwa sa lahat ng taong nagbalik-loob sa Panginoon ang nagnais na humawak ng mga sandata laban sa kanilang mga kapatid; hindi, tumanggi sila maging sa gumawa ng ano mang paghahanda para sa pakikidigma; oo, at ang kanilang hari ay nag-utos din na huwag silang gumawa nang gayon.

7 Ngayon, ito ang mga salitang kanyang sinabi sa mga tao hinggil sa bagay na yaon: Nagpapasalamat ako sa aking Diyos, mga tao kong minamahal, na isinugo sa kabutihan ng ating dakilang Diyos itong ating mga kapatid, ang mga Nephita, sa atin, upang mangaral sa atin, at upang mapaniwala tayo laban sa mga [a]kaugalian ng ating masasamang ama.

8 At masdan, nagpapasalamat ako sa aking dakilang Diyos na binigyan niya tayo ng isang ba-

**24** 1*a* Alma 21:1.
*b* Alma 25:1, 13.
5*a* Alma 27:4–13.
7*a* Mos. 1:5.

hagi ng kanyang Espiritu upang
palambutin ang ating mga puso,
kung kaya't tayo ay nagbukas
ng pakikipag-ugnayan sa mga
kapatid nating ito, ang mga
Nephita.
9 At masdan, pinasasalamatan
ko rin ang aking Diyos na dahil
sa pagbubukas ng pakikipag-
ugnayang ito ay napaniwala
tayo sa ating mga [a]kasalanan,
at sa maraming pagpaslang na
nagawa natin.
10 At pinasasalamatan ko rin
ang aking Diyos, oo, ang aking
dakilang Diyos, na kanyang
pinahintulutan tayong mapag-
sisihan natin ang mga bagay
na ito, at na kanya ring [a]pinata-
wad tayo sa marami nating
kasalanan at mga pagpaslang
na nagawa natin, at inalis ang
[b]pagkakasala sa ating mga puso,
sa pamamagitan ng kabutihan
ng kanyang Anak.
11 At ngayon masdan, mga ka-
patid ko, sapagkat ito lamang
ang lahat ng ating magagawa
(sapagkat tayo ang pinakaligaw
sa buong sangkatauhan) upang
magsisi sa lahat ng ating kasala-
nan at sa maraming pagpaslang
na nagawa natin, at upang ma-
pahinuhod ang Diyos na [a]alisin
ang mga ito sa ating mga puso,
sapagkat ito lamang ang lahat
ng magagawa natin upang sa-
pat na makapagsisi sa harapan
ng Diyos upang kanyang lini-
sin ang ating dungis—
12 Ngayon, mga pinakamama-
hal kong kapatid, simula ng nili-
nis ng Diyos ang ating mga du-
ngis, at ang ating mga espada ay
naging makinang, kung gayon,
huwag na nating dungisan pa
ang ating mga espada ng dugo
ng ating mga kapatid.
13 Masdan, sinasabi ko sa inyo,
Hindi, itabi natin ang ating mga
espada upang hindi madungi-
san ang mga ito ng dugo ng
ating mga kapatid; sapagkat
marahil, kung muli nating du-
dungisan ang ating mga espada
na ang mga ito ay hindi na [a]ma-
huhugasang makinang sa pa-
mamagitan ng dugo ng Anak ng
ating dakilang Diyos, na mabu-
buhos para sa pagbabayad-sala
ng ating mga kasalanan.
14 At kinaawaan tayo ng daki-
lang Diyos, at ipinaalam ang
mga bagay na ito sa atin upang
hindi tayo masawi; oo, at ipina-
alam niya ang mga bagay na ito
sa atin sa mula't mula pa, sa-
pagkat minamahal niya ang
ating mga [a]kaluluwa katulad
ng pagmamahal niya sa ating
mga anak; anupa't sa kanyang
awa tayo ay dinalaw niya sa
pamamagitan ng kanyang mga
anghel, upang ang [b]plano ng ka-
ligtasan ay maipaalam sa atin
maging sa mga susunod na sa-
linlahi.
15 O, napakamaawain ng ating
Diyos! At ngayon masdan, sa-
pagkat ito lamang ang maga-
gawa natin upang malinis ang
ating mga dungis mula sa atin,

9*a* D at T 18:44.
10*a* Dan. 9:9.
*b* GBK Pagkakasala.
11*a* Is. 53:4–6.
13*a* Apoc. 1:5.
14*a* GBK Kaluluwa—Kahalagahan ng mga kaluluwa.
*b* GBK Plano ng Pagtubos.

at ang ating mga espada ay gawing makinang, itabi natin ang mga ito upang ang mga ito ay mapanatiling makinang, bilang patotoo sa ating Diyos sa huling araw, o sa araw na yaon na tayo ay dadalhin upang tumindig sa kanyang harapan upang hatulan, na hindi natin dinungisan pa ang ating mga espada ng dugo ng ating mga kapatid magmula nang ibahagi niya ang kanyang salita sa atin at ginawa tayong malinis sa gayong paraan.

16 At ngayon, mga kapatid ko, kung hangad ng ating mga kapatid na lipulin tayo, masdan, itatabi natin ang ating mga espada, oo, kahit na ibaon pa natin ang mga ito nang malalim sa lupa, upang ang mga ito ay mapanatiling makinang, bilang patotoo na hindi na natin kailanman ginamit ang mga ito, sa huling araw; at kung lilipulin tayo ng ating mga kapatid, masdan, tayo ay [a]magtutungo sa ating Diyos at maliligtas.

17 At ngayon ito ay nangyari na, nang matapos ang hari sa pangungusap ng mga bagay na ito, at ang lahat ng tao ay sama-samang nagtipon, na kinuha nila ang kanilang mga espada, at lahat ng sandatang ginagamit para sa pagpapadanak ng dugo ng tao, at [a]ibinaon nila ang mga ito nang malalim sa lupa.

18 At ito ay ginawa nila, ito na sa pananaw nila ay patotoo sa Diyos, at gayon din sa mga tao, na [a]hindi na sila muling gagamit pa ng mga sandata para sa pagpapadanak ng dugo ng tao; at ito ay ginawa nila, nananagutan at [b]nakikipagtipan sa Diyos, na kaysa sa padanakin ang dugo ng kanilang mga kapatid ay [c]ibibigay nila ang kanilang buhay; at kaysa sa kumuha mula sa isang kapatid sila ay magbibigay sa kanya; at kaysa sa palipasin ang kanilang mga araw sa katamaran ay masigasig silang gagawa sa pamamagitan ng kanilang mga kamay.

19 At sa gayon nakikita natin na, nang ang mga Lamanitang ito ay nadalang maniwala at malaman ang katotohanan, sila ay naging [a]matatag, at magdurusa maging hanggang sa kamatayan kaysa sa gumawa ng kasalanan; at sa gayon nakikita nating ibinaon nila ang kanilang mga sandata ng kapayapaan, o ibinaon nila ang mga sandata ng digmaan, para sa kapayapaan.

20 At ito ay nangyari na, na ang kanilang mga kapatid, ang mga Lamanita, ay naghanda para sa digmaan, at sumalakay sa lupain ng Nephi sa layuning patayin ang hari, at maglagay ng ibang kahalili niya, at lipulin din ang mga tao ni Anti-Nephi-Lehi sa lupain.

21 Ngayon, nang makita ng mga taong sumasalakay sila laban sa kanila ay lumabas sila at kanilang sinalubong sila, at [a]iti-

16*a* Alma 40:11–15.
17*a* Hel. 15:9.
18*a* Alma 53:11.
*b* GBK Tipan.
*c* GBK Hain.
19*a* GBK Pananampalataya.
21*a* Alma 27:3.

nirapa ang kanilang sarili sa
lupa sa kanilang mga harapan,
at nagsimulang manawagan sa
pangalan ng Panginoon; at nasa
gayon silang pagkakaayos nang
magsimulang salakayin sila ng
mga Lamanita, at nagsimulang
patayin sila sa pamamagitan ng
espada.
22 At sa gayon walang anumang nakaharap na panlalaban,
napatay nila ang isanlibo at lima
sa kanila; at nalalaman nating
sila ay pinagpala, sapagkat sila
ay lumisan upang manahanang
kasama ang kanilang Diyos.
23 Ngayon, nang makita ng
mga Lamanita na ang kanilang
mga kapatid ay hindi magsisitakas sa espada, ni ang bumaling
sila sa kanang kamay o sa kaliwa, kundi ang sila ay mahiga at
[a]masawi, at purihin ang Diyos
maging sa yaon ding gawa ng
kasawian sa ilalim ng espada—
24 Ngayon, nang makita ito
ng mga Lamanita sila ay [a]nagpigil sa pagpatay sa kanila; at
marami sa kanila na ang mga
puso ay [b]nasugatan para sa kanilang mga kapatid na yaon na
nangamatay sa ilalim ng espada, sapagkat sila ay nagsisisi sa
mga bagay na nagawa nila.
25 At ito ay nangyari na, na
itinapon nila ang kanilang mga
sandata ng digmaan, at tumangging kuning muli ang mga ito,
sapagkat sila ay nagdalamhati
sa mga pagpaslang na nagawa
nila; at sila ay nagsihiga maging
katulad ng kanilang mga kapatid, umaasa sa awa ng mga yaong ang mga bisig ay nakataas
upang sila ay patayin.
26 At ito ay nangyari na, na
ang mga tao ng Diyos ay naragdagan nang araw na yaon nang
higit pa sa bilang ng mga napatay; at yaong mga napatay ay
mabubuting tao, kaya nga wala
tayong dahilan upang mag-alinlangan na sila ay hindi [a]naligtas.
27 At wala ni isang masamang
tao ang napatay sa kanila; subalit may mahigit sa isanlibo
ang nadala sa kaalaman ng katotohanan; sa gayon nakikita
natin na ang Panginoon ay gumagawa ng maraming [a]paraan
para sa kaligtasan ng kanyang
mga tao.
28 Ngayon, ang pinakamalaking bilang ng mga yaong
Lamanita na pumatay sa napakarami sa kanilang mga kapatid ay mga Amalekita at Amulonita, ang pinakamalaking bilang sa kanila ay alinsunod sa
[a]orden ng mga [b]Nehor.
29 Ngayon, sa mga yaong sumapi sa mga tao ng Panginoon,
ay [a]walang mga Amalekita o
Amulonita, o mga nasa orden ni
Nehor, kundi sila ay mga tunay
na inapo nina Laman at Lemuel.
30 At sa gayon malinaw nating nakikita na matapos ang
mga tao ay minsan nang [a]naliwanagan ng Espiritu ng Diyos,
at nagkaroon ng maraming [b]kaalaman sa mga bagay na nauukol

23*a* Alma 26:32.
24*a* Alma 25:1.
*b* GBK Pagkahabag.
26*a* Apoc. 14:13.
27*a* Is. 55:8–9; Alma 37:6–7.
28*a* Alma 21:4.
*b* Alma 1:15; 2:1, 20.
29*a* Alma 23:14.
30*a* Mat. 12:45.
*b* Heb. 10:26; Alma 47:36.

sa kabutihan, at pagkatapos ay [c]nahulog sa kasalanan at paglabag, sila ay nagiging higit na matitigas, at sa gayon ang kanilang kalagayan ay nagiging [d]lalong masama kaysa sa kung hindi nila nalaman kailanman ang mga bagay na ito.

## KABANATA 25

*Ang mga pagsalakay ng mga Lamanita ay lumaganap—Ang mga binhi ng mga saserdote ni Noe ay nangasawi, tulad ng iprinopesiya ni Abinadi—Marami sa mga Lamanita ang nagbalik-loob at sumama sa mga tao ni Anti-Nephi-Lehi—Sila ay naniwala kay Cristo at sinunod ang mga batas ni Moises. Mga 90–77* B.C.

AT masdan, ngayon ito ay nangyari na, na yaong mga Lamanita ay lalong nagalit dahil sa pinatay nila ang kanilang mga kapatid; kaya nga, sila ay sumumpa ng paghihiganti sa mga Nephita; at hindi na sila nagtangkang patayin pa ang mga tao ni [a]Anti-Nephi-Lehi sa panahong yaon.
2 Sa halip dinala nila ang kanilang mga hukbo at nagtungo sa mga hangganan ng lupain ng Zarahemla, at sinalakay ang mga taong nasa lupain ng Ammonihas at [a]nilipol sila.
3 At pagkaraan niyon, sila ay nagkaroon ng maraming pakikidigma sa mga Nephita, kung saan sila ay naitaboy at napatay.
4 At kabilang sa mga Lamanita na napatay ay halos mga [a]binhing lahat ni Amulon at ng kanyang mga kapatid, na mga saserdote ni Noe, at sila ay napatay ng mga kamay ng mga Nephita.
5 At ang nalalabi, matapos na magsitakas patungo sa silangang ilang, at matapos makamkam ang kapangyarihan at karapatan sa mga Lamanita, ay pinapangyaring [a]mangasawi ang marami sa mga Lamanita sa pamamagitan ng apoy dahil sa kanilang paniniwala—
6 Sapagkat marami sa [a]kanila, matapos dumanas ng labis na kawalan at maraming paghihirap, ay nagsimulang mapukaw sa pag-alaala ng mga [b]salita ni Aaron at ng kanyang mga kapatid na ipinangaral sa kanila sa kanilang lupain; anupa't sila ay nagsimulang mawalan ng paniniwala sa mga [c]kaugalian ng kanilang mga ama, at maniwala sa Panginoon, at na siya ang nagbigay ng kahanga-hangang lakas sa mga Nephita; at sa gayon marami sa kanila ang nagbalik-loob sa ilang.
7 At ito ay nangyari na, na yaong mga tagapamahala na labi ng mga anak ni [a]Amulon ay [b]ipinapatay sila, oo, lahat ng yaong naniwala sa mga bagay na ito.

30*c* 2 Ne. 31:14; Alma 9:19. GBK Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan.
*d* 2 Ped. 2:20–21.
**25** 1*a* GBK Anti-Nephi-Lehi.
2*a* Alma 8:16; 16:9.
4*a* Mos. 23:35.
5*a* Mos. 17:15.
6*a* IE ang mga Lamanita.
*b* Alma 21:9.
*c* Alma 26:24.
7*a* Alma 21:3; 24:1, 28–30.
*b* GBK Martir, Pagkamartir.

8 Ngayon, ang kamartirang ito ay naging dahilan upang mapukaw sa galit ang marami sa kanilang mga kapatid; at nagsimulang magkaroon ng alitan sa ilang; at ang mga Lamanita ay nagsimulang [a]tugisin ang mga binhi ni Amulon at ng kanyang mga kapatid at nagsimulang pagpapatayin sila; at sila ay nagsitakas patungo sa silangang ilang.

9 At masdan, sila ay tinutugis hanggang sa mga araw na ito ng mga Lamanita. Sa gayon natupad ang mga sinabi ni Abinadi, na sinabi niya hinggil sa mga binhi ng mga saserdoteng nagpapatay sa kanya sa pamamagitan ng apoy.

10 Sapagkat sinabi niya sa kanila: Kung ano ang [a]gagawin ninyo sa akin ay halimbawa ng mga bagay na darating.

11 At ngayon, si Abinadi ang unang nagdusa ng [a]kamatayan sa pamamagitan ng apoy dahil sa kanyang paniniwala sa Diyos; ngayon, ito ang ibig niyang sabihin, na marami ang magdurusa ng kamatayan sa pamamagitan ng apoy, tulad ng dinanas niya.

12 At sinabi niya sa mga saserdote ni Noe na ang kanilang mga binhi ang magiging dahilan ng pagdadala sa kamatayan ng marami, kahalintulad ng pamamaraang ginawa sa kanya, at na sila ay ikakalat at papatayin, maging tulad ng isang tupa na walang pastol ay itinaboy at sinila ng mababangis na hayop; at ngayon masdan, ang mga salitang ito ay napatunayan, sapagkat sila ay itinaboy ng mga Lamanita, at sila ay tinugis, at sila ay pinahihirapan.

13 At ito ay nangyari na, nang makita ng mga Lamanita na hindi nila madadaig ang mga Nephita na muli silang nagsibalik sa kanilang sariling lupain; at marami sa kanila ang nagtungo upang manirahan sa lupain ng Ismael at sa lupain ng Nephi, at ibinilang ang kanilang sarili sa mga tao ng Diyos, na mga tao ni [a]Anti-Nephi-Lehi.

14 At [a]ibinaon din nila ang kanilang mga sandata ng digmaan, katulad ng kanilang mga kapatid, at sila ay nagsimulang maging mabubuting tao; at sila ay nagsilakad sa mga landas ng Panginoon, at ginawang sundin ang kanyang mga kautusan at kanyang mga batas.

15 Oo, at sinunod nila ang mga batas ni Moises; sapagkat kailangan pa nilang sundin ang mga batas ni Moises, sapagkat ang lahat ng ito ay hindi pa natutupad. Subalit sa kabila ng mga [a]batas ni Moises, sila ay umaasa sa pagparito ni Cristo, isinasaalang-alang na ang mga batas ni Moises ay [b]kahalintulad ng kanyang pagparito, at naniniwalang dapat nilang sundin yaong mga [c]panlabas na gawa hanggang sa panahong magpakita siya sa kanila.

8*a* Mos. 17:18.
10*a* Mos. 13:10.
11*a* Mos. 17:13.
13*a* Alma 23:16–17.
14*a* Alma 24:15; 26:32.
15*a* Jac. 4:5; Jar. 1:11. GBK Batas ni Moises, Mga.
*b* Mos. 3:14–15; 16:14.
*c* Mos. 13:29–32.

16 Ngayon, hindi nila inaakala na ang [a]kaligtasan ay dumating sa pamamagitan ng mga [b]batas ni Moises; kundi ang mga batas ni Moises ang naging daan upang palakasin ang kanilang pananampalataya kay Cristo; at sa gayon napanatili nila ang [c]pag-asa sa pamamagitan ng pananampalataya, tungo sa walang hanggang kaligtasan, umaasa sa diwa ng propesiya, na nagsabi ng mga yaong bagay na darating.

17 At ngayon masdan, sina Ammon at Aaron, at Omner, at Himni, at kanilang mga kapatid ay labis na nagsaya, dahil sa tagumpay na natamo nila sa mga Lamanita, nakikitang ipinagkaloob ng Panginoon sa kanila ang naaayon sa kanilang mga [a]panalangin, at pinatunayan din niya ang kanyang salita sa kanila sa kaliit-liitang bagay.

## KABANATA 26

*Si Ammon ay nagpapuri sa Panginoon—Ang matatapat ay pinalakas ng Panginoon at binigyan ng kaalaman—Sa pamamagitan ng pananampalataya ang mga tao ay makapagdadala ng libu-libong tao tungo sa pagsisisi—Taglay ng Diyos ang lahat ng kapangyarihan at nalalaman ang lahat ng bagay. Mga 90–77 B.C.*

AT ngayon, ito ang mga salita ni Ammon sa kanyang mga kapatid, na nagsasabi nang ganito: Mga kapatid ko at mga kapanalig, masdan, sinasabi ko sa inyo, kaylaki ng dahilan upang tayo ay magalak; sapagkat akalain ba natin nang [a]magsimula tayo mula sa lupain ng Zarahemla na ipagkakaloob sa atin ng Diyos ang ganitong dakilang pagpapala?

2 At ngayon, itinatanong ko, anu-anong dakilang pagpapala ang ipinagkaloob niya sa atin? Masasabi ba ninyo?

3 Masdan, ako ang siyang tutugon para sa inyo; sapagkat ang ating mga kapatid, ang mga Lamanita, noon ay nasa kadiliman, oo, maging sa pinakamadilim na kailaliman, subalit masdan, [a]kayrami sa kanila ang nadala na mamasdan ang kagila-gilalas na liwanag ng Diyos! At ito ang pagpapalang ipinagkaloob sa atin, na tayo ay gawing mga [b]kasangkapan sa mga kamay ng Diyos upang maisagawa ang dakilang gawaing ito.

4 Masdan, [a]libu-libo sa kanila ang nagsasaya, at nadala sa kawan ng Diyos.

5 Masdan, ang [a]bukid ay hinog na, at kayo ay pinagpala, sapagkat ikinampay ninyo ang [b]karit, at nanggapas nang buong lakas ninyo, oo, kayo ay buong araw na gumawa; at masdan ang bi-

16*a* Mos. 12:31–37; 13:27–33.
*b* 2 Ne. 11:4.
*c* 1 Tes. 5:8–9.
17*a* Alma 17:9.

**26** 1*a* Mos. 28:9; Alma 17:6–11.
3*a* Alma 23:8–13.
*b* 2 Cor. 4:5; Mos. 23:10.

4*a* Alma 23:5.
5*a* Juan 4:35–37; D at T 4:4.
*b* Joel 3:13.

lang ng inyong mga [c]bigkis! At sila ay titipunin sa mga bangan, upang hindi sila masayang.

6 Oo, hindi sila magagapi ng unos sa huling araw; ni ang sila ay suyurin ng mga buhawi; kundi kapag dumating ang [a]unos ay sama-sama silang titipunin sa kanilang lugar, upang hindi sila abutan ng unos; oo, ni ang sila ay itaboy ng malalakas na hangin saan man sila dalhin ng kanilang mga kaaway.

7 Subalit masdan, sila ay nasa mga kamay ng Panginoon ng [a]anihan, at sila ay kanya; at kanyang [b]ibabangon sila sa huling araw.

8 Purihin ang pangalan ng ating Diyos; halina't [a]mag-awitan tayo sa kanyang kapurihan, oo, halina't [b]magbigay-pasasalamat tayo sa kanyang banal na pangalan, sapagkat siya ay nagsasagawa ng kabutihan magpakailanman.

9 Sapagkat kung hindi natin nilisan ang lupain ng Zarahemla, itong pinakamamahal nating mga kapatid, na pinakamamahal tayo, ay patuloy na magkikimkim ng [a]kapootan laban sa atin, oo, at sila rin sana ay naging mga dayuhan sa Diyos.

10 At ito ay nangyari na, nang sabihin ni Ammon ang mga salitang ito, siya ay pinagsabihan ng kanyang kapatid na si Aaron, sinasabing: Ammon, natatakot ako na sa iyong kagalakan ay matangay ka sa pagmamalaki.

11 Subalit sinabi ni Ammon sa kanya: Hindi ako [a]nagmamalaki sa aking sariling lakas, ni sa aking sariling karunungan; subalit masdan, ang aking [b]kagalakan ay lubos, oo, ang aking puso ay nag-uumapaw sa kagalakan, at ako ay nagsasaya sa aking Diyos.

12 Oo, nalalaman kong ako'y walang halaga; kung sa akin lamang lakas ay mahina ako, kaya nga hindi ako [a]nagmamalaki sa aking sarili, kundi ipagmamalaki ko ang aking Diyos, sapagkat sa kanyang [b]lakas ay maaari kong magawa ang lahat ng bagay; oo, masdan, maraming dakilang himala ang nagawa natin sa lupaing ito, kung saan pupurihin natin ang kanyang pangalan magpakailanman.

13 Masdan, kayrami sa libulibo nating mga kapatid ang pinawalan niya mula sa mga pasakit ng [a]impiyerno; at sila ay nadala na [b]magsiawit ng mapagtubos na pag-ibig, at ito ay dahil sa kapangyarihan ng kanyang salita na nasa atin, kaya nga hindi ba may malaking dahilan upang tayo ay magsaya?

14 Oo, may dahilan upang purihin natin siya magpakailanman, sapagkat siya ang Kataas-

5*c* D at T 33:7–11; 75:2, 5.
6*a* Hel. 5:12; 3 Ne. 14:24–27.
7*a* GBK Pag-aani.
*b* Mos. 23:22; Alma 36:28.
8*a* D at T 25:12.
*b* GBK Salamat, Nagpapasalamat, Pasasalamat.
9*a* Mos. 28:1–2.
11*a* 2 Cor. 7:14.
*b* D at T 18:14–16. GBK Kagalakan.
12*a* Jer. 9:24; Alma 29:9.
*b* Awit 18:32–40; Fil. 4:13; 1 Ne. 17:3.
13*a* GBK Impiyerno.
*b* Alma 5:26.

taasang Diyos, at nagkalag sa
ating mga kapatid mula sa mga
[a]tanikala ng impiyerno.
15 Oo, sila ay pinalibutan ng
walang hanggang kadiliman at
pagkawasak; subalit masdan,
kanyang dinala sila sa kanyang
walang hanggang [a]liwanag, oo,
sa walang hanggang kaligta-
san; at sila ay napalibutan ng
walang kapantay na kasagana-
an ng kanyang pag-ibig; oo, at
tayo ay naging mga kasang-
kapan sa kanyang mga kamay
sa paggawa ng dakila at kagila-
gilalas na gawaing ito.
16 Kaya nga, tayo ay [a]magpa-
puri, oo, [b]magbigay-puri tayo
sa Panginoon; oo, magsasaya
tayo, sapagkat ang ating kaga-
lakan ay lubos; oo, pupurihin
natin ang ating Diyos magpa-
kailanman. Masdan, sino ang
maaaring labis na pupuri sa
Panginoon? Oo, sino ang ma-
kapagsasabi ng labis-labis sa
kanyang dakilang kapangyari-
han, at ng kanyang [c]awa, at ng
kanyang mahabang pagtitiis sa
mga anak ng tao? Masdan, sina-
sabi ko sa inyo, hindi ko masa-
sabi ang kaliit-liitang bahagi ng
nararamdaman ko.
17 Sino ang makapag-aakala na
ang ating Diyos ay magiging na-
pakamaawain upang agawin
tayo mula sa ating kakila-kila-
bot, makasalanan, at maruming
kalagayan?
18 Masdan, tayo ay humayo
maging sa kapootan, lakip ang
mga pagbabanta na [a]wawasa-
kin ang kanyang simbahan.
19 O kaya nga, bakit hindi
niya tayo itinakda sa isang kaki-
la-kilabot na pagkawasak, oo,
bakit hindi niya hinayaan ang
espada ng kanyang katarungan
na bumagsak sa atin, at ipauba-
ya tayo sa walang hanggang ka-
walang-pag-asa?
20 O, aking kaluluwa, halos
nga ito, ay tumakas sa pag-
aakala. Masdan, hindi niya igi-
nawad ang kanyang kataru-
ngan sa atin, kundi sa kanyang
dakilang awa ay itinawid tayo
sa yaong walang hanggang
[a]look ng kamatayan at kalung-
kutan, maging sa kaligtasan ng
ating mga kaluluwa.
21 At ngayon masdan, mga
kapatid ko, sinong [a]likas na tao
ang nakaaalam ng mga bagay
na ito? Sinasabi ko sa inyo, wa-
lang [b]nakaaalam ng mga bagay
na ito, maliban sa nagsisisi.
22 Oo, siya na [a]nagsisisi at pi-
naiiral ang [b]pananampalataya,
at gumagawa ng mabubuting
gawa, at patuloy na nanana-
langin nang walang hinto—sa
kanya ay ipagkakaloob na ma-
laman ang mga [c]hiwaga ng
Diyos; oo, sa kanya ay ibibigay
na maipahayag ang mga bagay
na kailanma'y hindi pa naipa-
hahayag; oo, sa kanya ay ipag-

14*a* Alma 12:11.
15*a* GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo.
16*a* Rom. 15:17; 1 Cor. 1:31.
*b* 2 Cor. 10:15–18; D at T 76:61.
*c* Awit 36:5–6.
18*a* Mos. 27:8–10.
20*a* 2 Ne. 1:13; Hel. 3:29–30.
21*a* GBK Likas na Tao.
*b* 1 Cor. 2:9–16; Jac. 4:8.
22*a* Alma 36:4–5. GBK Magsisi, Pagsisisi.
*b* GBK Pananampalataya.
*c* GBK Hiwaga ng Diyos, Mga.

kakaloob na dalhin ang libu-
libong kaluluwa sa pagsisisi,
maging tulad ng ibinigay sa
atin upang madala ang mga ka-
patid nating ito sa pagsisisi.
23 Ngayon, natatandaan ba
ninyo, mga kapatid ko, na sina-
bi natin sa ating mga kapatid sa
lupain ng Zarahemla, na aahon
tayo sa lupain ng Nephi, upang
mangaral sa ating mga kapa-
tid, ang mga Lamanita, at kani-
lang pinagtawanan tayo sa pa-
ngungutya?
24 Sapagkat sinabi nila sa atin:
Sa akala ba ninyo ay madadala
ninyo ang mga Lamanita sa kaa-
laman ng katotohanan? Sa aka-
la ba ninyo ay mapaniniwala
ninyo ang mga Lamanita sa ka-
malian ng mga [a]kaugalian ng
kanilang mga ama, sila na mga
taong [b]matitigas ang leeg; na
ang mga puso ay nagagalak sa
pagpapadanak ng dugo; na ang
mga araw ay pinalilipas sa pina-
kamahalay na kasamaan; na ang
mga gawi ay gawi ng isang ma-
kasalanan mula pa sa simula?
Ngayon mga kapatid ko, nata-
tandaan ninyo na ito ang kani-
lang sinabi.
25 At bukod pa rito ay sinabi
nila: Humawak tayo ng ating
mga sandata laban sa kanila,
upang malipol natin sila at ang
kanilang kasamaan sa lupain, na
baka kanilang madaig tayo at
lipulin tayo.
26 Subalit masdan, mga mina-
mahal kong kapatid, tayo ay
nagtungo sa ilang hindi sa layu-
ning lipulin ang ating mga ka-
patid, kundi sa layunin na baka
sakaling mailigtas natin ang ilan
sa kanilang mga kaluluwa.
27 Ngayon, nang ang ating
mga puso ay manghina, at tayo
sana ay magbabalik na, masdan,
[a]inaliw tayo ng Panginoon, at
sinabi: Humayo sa inyong mga
kapatid, na mga Lamanita, at
batahin nang buong [b]pagtitiya-
ga ang inyong mga [c]paghihirap,
at ipagkakaloob ko sa inyo ang
tagumpay.
28 At ngayon masdan, tayo ay
humayo, at nakihalubilo sa ka-
nila; at naging matiisin tayo sa
ating mga pagdurusa, at nag-
danas ng lahat ng kalupitan;
oo, tayo ay naglakbay sa ba-
hay-bahay, umaasa sa mga awa
ng sanlibutan—hindi lamang sa
mga awa ng sanlibutan kundi sa
mga awa ng Diyos.
29 At pinasok natin ang kani-
lang mga tahanan at tinuruan
sila, at tinuruan natin sila sa
kanilang mga lansangan; oo, at
tinuruan natin sila sa kanilang
mga burol; at pinasok din natin
ang kanilang mga templo at ka-
nilang mga sinagoga at tinuruan
sila; at tayo ay itinaboy, at kinut-
ya, at dinuraan, at sinampal sa
ating mga pisngi; at tayo ay bi-
nato, at dinakip at iginapos ng
matitibay na lubid, at itinapon
sa bilangguan; at sa pamama-
gitan ng kapangyarihan at ka-
runungan ng Diyos ay muli ta-
yong naligtas.
30 At tayo ay nagdanas ng

24*a* Mos. 10:11–17.
*b* Mos. 13:29.
27*a* Alma 17:9–11.
*b* GBK Tiyaga.
*c* Alma 20:29–30.
GBK Pagdurusa.

lahat ng uri ng paghihirap, at
lahat ng ito, ay sa pagbabaka
sakaling tayo ay maging daan
upang maligtas ang ilang tao;
at inakala natin na ang ating
[a]kagalakan ay malulubos kung
sakali mang maging daan tayo
ng kaligtasan ng ilan.
31 Ngayon masdan, tayo ay
makatatanaw at makikita ang
mga ibinunga ng ating mga
pagpapagal; at sila ba'y iilan?
Sinasabi ko sa inyo, Hindi, [a]ma-
rami sila; oo, at nasasaksihan
natin ang kanilang katapatan,
dahil sa pagmamahal nila sa
kanilang mga kapatid at gayon
din sa atin.
32 Sapagkat masdan, higit pa
nilang ninais na [a]ialay ang ka-
nilang buhay kaysa sa kitlin
maging ang buhay ng kanilang
kaaway; at [b]ibinaon nila nang
malalim sa lupa ang kanilang
mga sandata ng digmaan, dahil
sa kanilang pagmamahal sa ka-
nilang mga kapatid.
33 At ngayon masdan, sinasa-
bi ko sa inyo, nagkaroon na ba
ng gayon kadakilang pag-ibig
sa buong lupain? Masdan, si-
nasabi ko sa inyo, Wala, hindi
pa nagkaroon, maging sa mga
Nephita.
34 Sapagkat masdan, sila ay
hahawak ng mga sandata laban
sa kanilang mga kapatid; hin-
di nila pahihintulutang mapa-
tay ang kanilang sarili. Subalit
masdan, gaano karami sa kanila
ang nag-alay ng kanilang bu-
hay; at nalalaman nating sila ay
nagtungo na sa kanilang Diyos,
dahil sa kanilang pag-ibig at sa
kanilang poot sa kasalanan.
35 Ngayon, hindi ba't may da-
hilan upang tayo ay magsaya?
Oo, sinasabi ko sa inyo, kailan-
ma'y walang taong may ga-
yong kalaking dahilan upang
magsaya kaysa sa atin, mula pa
nang magsimula ang daigdig;
oo, at ang aking kagalakan ay
natatangay, maging hanggang
sa ipagmalaki ang aking Diyos;
sapagkat taglay niya ang lahat
ng [a]kapangyarihan, lahat ng ka-
runungan, at lahat ng kaalaman;
[b]nalalaman niya ang lahat ng
bagay, at isa siyang [c]maawaing
Katauhan, maging hanggang sa
kaligtasan, sa mga yaong magsi-
sisi at maniniwala sa kanyang
pangalan.
36 Ngayon, kung ito ay pag-
mamalaki, gayon pa man ako
ay magmamalaki; sapagkat ito
ang aking buhay at aking liwa-
nag, aking kagalakan at aking
kaligtasan, at aking katubusan
mula sa walang hanggang ka-
pighatian. Oo, purihin ang pa-
ngalan ng aking Diyos, na na-
ging maalalahanin sa mga taong
ito, na mga [a]sanga ng punung-
kahoy ng Israel, at nahiwalay
mula sa katawan nito sa isang
di kilalang lupain; oo, sinasabi
ko, purihin ang pangalan ng
aking Diyos, na naging maala-
lahanin sa atin, na mga [b]ligaw
sa isang di kilalang lupain.

30*a* D at T 18:15–16.
31*a* Alma 23:8–13.
32*a* Alma 24:20–24.
*b* Alma 24:15.
35*a* GBK Kapangyarihan.
*b* D at T 88:41.
*c* GBK Awa, Maawain.
36*a* Gen. 49:22–26;
Jac. 2:25; 5:25.
*b* Jac. 7:26.

37 Ngayon mga kapatid ko, nakikita nating maalalahanin ang Diyos sa bawat [a]tao, saan mang lupain sila naroroon; oo, bilang niya ang kanyang mga tao, at ang kanyang sisidlan ng awa ay laganap sa buong mundo. Ngayon, ito ang aking kagalakan, at aking labis na ipinagpapasalamat; oo, at ako ay magbibigay-pasasalamat sa aking Diyos magpakailanman. Amen.

## KABANATA 27

*Inutusan ng Panginoon si Ammon na akayin sa kaligtasan ang mga tao ni Anti-Nephi-Lehi—Sa pagkakakita kay Alma, si Ammon ay naubusan ng kanyang lakas dahil sa kagalakan—Ipinagkaloob sa mga Anti-Nephi-Lehi ng mga Nephita ang lupain ng Jerson—Sila ay tinawag na mga tao ni Ammon. Mga 90–77* B.C.

NGAYON ito ay nangyari na, nang ang mga yaong Lamanita na nakidigma laban sa mga Nephita ay malaman, matapos ang marami nilang pagsusumikap na lipulin sila, na walang kabuluhang hangarin ang kanilang pagkalipol, sila ay nagbalik na muli sa lupain ng Nephi.

2 At ito ay nangyari na, na ang mga Amalekita, dahil sa kanilang kawalan, ay labis na nagalit. At nang makitang hindi sila makapaghahangad ng paghihiganti sa mga Nephita, sinimulan nilang pukawin ang mga tao na magalit laban sa kanilang mga [a]kapatid, ang mga tao ni [b]Anti-Nephi-Lehi; anupa't sila ay nagsimulang muli sa paglipol sa kanila.

3 Ngayon, ang mga taong ito ay [a]muling tumangging humawak ng kanilang mga sandata, at pinahintulutan ang kanilang sariling patayin alinsunod sa mga naisin ng kanilang mga kaaway.

4 Ngayon, nang makita ni Ammon at ng kanyang mga kapatid ang gawaing ito ng pagkalipol sa mga yaong labis nilang minamahal, at sa mga yaong labis na nagmamahal sa kanila—sapagkat sila ay pinakitunguhan na tila bagang sila ay mga anghel na isinugo mula sa Diyos upang iligtas sila mula sa walang hanggang pagkawasak—kaya nga nang makita ni Ammon at ng kanyang mga kapatid ang malaking gawaing ito ng pagkalipol, sila ay naantig sa pagkahabag, at [a]sinabi nila sa hari:

5 Magkakasamang tipunin natin ang mga taong ito ng Panginoon, at tayo ay bumaba patungo sa lupain ng Zarahemla sa ating mga kapatid na mga Nephita, at magsitakas mula sa mga kamay ng ating mga kaaway, upang hindi tayo malipol.

6 Subalit sinabi ng hari sa kanila: Masdan, lilipulin kami ng mga Nephita, dahil sa mara-

37*a* Gawa 10:34–35; 2 Ne. 26:33.
**27** 2*a* Alma 43:11.
*b* Alma 25:1. GBK Anti-Nephi-Lehi.
3*a* Alma 24:21–26.
4*a* Alma 24:5.

ming pagpaslang at kasalanang nagawa namin laban sa kanila.
7 At sinabi ni Ammon: Hahayo ako at magtatanong sa Panginoon, at kung sasabihin niya sa atin, bumaba patungo sa inyong mga kapatid, maglalakbay ba kayo?
8 At sinabi ng hari sa kanya: Oo, kung sasabihin ng Panginoon sa amin na maglakbay, kami ay bababa patungo sa ating mga kapatid, at kami ay kanilang magiging mga alipin hanggang sa mapagbayaran namin sa kanila ang maraming pagpaslang at mga kasalanang nagawa namin laban sa kanila.
9 Subalit sinabi ni Ammon sa kanya: Laban sa batas ng aming mga kapatid, na itinakda ng aking ama, na magkaroon ng kahit sino mang [a]alipin sa kanila; samakatwid, tayo ay bumaba at umasa sa awa ng ating mga kapatid.
10 Subalit sinabi ng hari sa kanya: Magtanong sa Panginoon, at kung sasabihin niya sa aming maglakbay, kami ay maglalakbay; kung hindi, kami ay masasawi sa lupain.
11 At ito ay nangyari na, na si Ammon ay humayo at nagtanong sa Panginoon, at sinabi ng Panginoon sa kanya:
12 Ilikas ang mga taong ito mula sa lupaing ito, upang hindi sila mangasawi; sapagkat si Satanas ay may matibay na pagkakahawak sa mga puso ng mga Amalekita, na siyang pumukaw sa mga Lamanita na magalit laban sa kanilang mga kapatid upang patayin sila; kaya nga, lumikas ka sa lupaing ito; at pinagpala ang mga taong ito ng salinlahing ito, sapagkat pangangalagaan ko sila.
13 At ngayon ito ay nangyari na, na si Ammon ay humayo at sinabi sa hari ang lahat ng salitang sinabi ng Panginoon sa kanya.
14 At magkakasamang tinipon nila ang lahat ng kanilang tao, oo, lahat ng tao ng Panginoon, at magkakasamang tinipon ang lahat ng kanilang mga kawan ng tupa at baka, at nilisan ang lupain, at nakarating sa ilang na humahati sa lupain ng Nephi mula sa lupain ng Zarahemla, at nakarating sa malapit sa mga hangganan ng lupain.
15 At ito ay nangyari na, na sinabi ni Ammon sa kanila: Masdan, ako at ang aking mga kapatid ay magtutungo sa lupain ng Zarahemla, at kayo ay mananatili rito hanggang sa kami ay magbalik; at susubukin namin ang mga puso ng ating mga kapatid, kung kanilang papapasukin kayo sa kanilang lupain.
16 At ito ay nangyari na, habang si Ammon ay papasok sa lupain, na siya at ang kanyang mga kapatid ay nakasalubong si Alma, sa [a]lupaing nabanggit; at masdan, ito ay isang napakasayang pagtatagpo.
17 Ngayon, ang [a]kagalakan ni Ammon ay napakalaki maging sa siya ay napuspos; oo, siya ay nadaig sa kagalakan ng kan-

9*a* Mos. 2:13; 29:32, 38, 40.
16*a* Alma 17:1–4.
17*a* GBK Kagalakan.

yang Diyos, maging sa [b]pagkaubos ng kanyang lakas; at [c]muli siyang nalugmok sa lupa.
18 Ngayon, hindi ba't sa labis itong kagalakan? Masdan, ito ang kagalakan na walang makatatanggap maliban sa tunay na nagsisisi at mapagpakumbabang naghahanap ng kaligayahan.
19 Ngayon, ang kagalakan ni Alma sa pagkakakita sa kanyang mga kapatid ay tunay na masidhi, at gayon din ang kagalakan ni Aaron, ni Omner, at Himni; subalit masdan, ang kanilang kagalakan ay hindi gayon upang madaig ang kanilang lakas.
20 At ngayon ito ay nangyari na, na nanguna si Alma sa kanyang mga kapatid pabalik sa lupain ng Zarahemla; maging sa kanyang sariling tahanan. At sila ay nagtungo at sinabi sa [a]punong hukom ang lahat ng bagay na naganap sa kanila sa lupain ng Nephi, sa kanilang mga kapatid, ang mga Lamanita.
21 At ito ay nangyari na, na ang punong hukom ay nagpadala ng isang pahayag sa lahat ng dako ng buong lupain, hinihingi ang tinig ng mga tao hinggil sa pagtanggap sa kanilang mga kapatid, na mga tao ni Anti-Nephi-Lehi.
22 At ito ay nangyari na, na ang tinig ng mga tao ay nagpahayag, sinasabing: Masdan, lilisanin namin ang lupain ng Jerson, na nasa silangang dagat, na nagdurugtong sa lupaing Masagana, na nasa timog ng lupaing Masagana; at ang lupaing ito ng Jerson ang lupaing ipagkakaloob namin sa aming mga kapatid bilang isang mana.
23 At masdan, itatalaga namin ang aming mga hukbo sa pagitan ng lupaing Jerson at lupaing Nephi, upang mapangalagaan namin ang aming mga kapatid sa lupaing Jerson; at ito ay gagawin namin para sa aming mga kapatid, dahil sa kanilang takot na humawak ng mga sandata laban sa kanilang mga kapatid na baka sila ay makagawa ng kasalanan; at ang malaking takot na ito ay nadama dahil sa kanilang labis na pagsisisi, dahil sa marami nilang pagpaslang at kanilang kakila-kilabot na kasamaan.
24 At ngayon masdan, ito ay gagawin namin para sa aming mga kapatid, upang mamana nila ang lupaing Jerson; at babantayan namin sila ng aming mga hukbo mula sa kanilang mga kaaway, kung bibigyan nila kami ng isang bahagi ng kanilang mga kabuhayan upang tulungan kaming matustusan namin ang aming mga hukbo.
25 Ngayon, ito ay nangyari na, nang ito ay marinig ni Ammon, siya ay nagbalik sa mga tao ni Anti-Nephi-Lehi, at kasama rin niya si Alma, sa ilang, kung saan nila itinayo ang kanilang mga tolda, at ipinaalam sa kanila ang lahat ng bagay na ito. At isinalaysay rin ni Alma sa kanila

17*b* 1 Ne. 1:7.
*c* Alma 19:14.
20*a* Alma 4:16–18.

ang kanyang [a]pagbabalik-loob, kasama nina Ammon at Aaron, at ng kanyang mga kapatid.
26 At ito ay nangyari na, na ito ay nagdulot ng malaking kagalakan sa kanila. At sila ay bumaba patungo sa lupain ng Jerson, at inangkin ang lupain ng Jerson; at sila ay tinawag ng mga Nephita na mga tao ni Ammon; anupa't sila ay nakilala sa pangalang yaon magmula noon.
27 At sila ay nasa mga tao ni Nephi, at ibinilang din sa mga tao na kabilang sa simbahan ng Diyos. At nakilala rin sila sa kanilang pagiging masigasig sa Diyos, at gayon din sa mga tao; sapagkat sila ay ganap na [a]matatapat at matwid sa lahat ng bagay; at sila ay [b]matatag sa pananampalataya kay Cristo, maging hanggang sa katapusan.
28 At tinatanaw nila ang pagpapadanak ng dugo ng kanilang mga kapatid nang may masidhing kapootan; at kailanma'y hindi na sila nahimok pang humawak ng mga sandata laban sa kanilang mga kapatid; at kailanma'y hindi nila tinatanaw ang kamatayan nang may kaunting antas ng pangingilabot dahil sa kanilang pag-asa at pananaw hinggil kay Cristo at sa pagkabuhay na mag-uli; anupa't ang kamatayan ay nalulon sa kanila sa pamamagitan ng tagumpay rito ni Cristo.
29 Kaya nga, sila ay magdurusa ng [a]kamatayan sa pinakamabigat at nakapipighating pamamaraan na maaaring ipabata ng kanilang mga kapatid, bago nila hawakan ang kanilang mga espada o simitar upang patayin sila.
30 At sa gayon sila ay masisigasig at mga mapagmahal na tao, mga taong labis na pinagpala ng Panginoon.

## KABANATA 28

*Ang mga Lamanita ay natalo sa isang napakalaking digmaan—Sampu-sampung libo ang mga napatay—Ang masasama ay itinatalaga sa kalagayan ng walang katapusang kapighatian; matatamo ng mabubuti ang walang katapusang kaligayahan. Mga 77–76 B.C.*

AT ito ay nangyari na, na matapos na ang mga tao ni Ammon ay makapanirahan sa lupain ng [a]Jerson, at isa ring simbahan ang naitatag sa lupain ng Jerson, at ang mga hukbo ng mga Nephita ay naitalaga na sa palibot ng lupain ng Jerson, oo, sa lahat ng hangganan sa palibot ng lupain ng Zarahemla; masdan, sinundan ng mga hukbo ng mga Lamanita ang kanilang mga kapatid sa ilang.
2 At sa gayon nagkaroon ng isang napakalaking digmaan; oo, maging isa na kailanma'y hindi pa nakita sa lahat ng tao sa lupain mula sa panahong nilisan ni Lehi ang Jerusalem; oo, at sampu-sampung libo sa mga

25*a* Mos. 27:10–24.
27*a* GBK Matapat, Katapatan.
*b* Alma 23:6.
29*a* Alma 24:20–23.
**28** 1*a* Alma 27:22; 30:1, 19.

Lamanita ang napatay at nag-
kalat sa paligid.
3 Oo, at nagkaroon din ng na-
pakalaking pagkatay sa mga tao
ni Nephi; gayon pa man, ang
mga Lamanita ay [a]naitaboy at
naikalat, at ang mga tao ni Ne-
phi ay muling nagsibalik sa ka-
nilang lupain.
4 At ngayon ito ay isang pa-
nahon na may narinig na ma-
sidhing pagdadalamhati at pa-
nanaghoy sa lahat ng dako ng
buong lupain, sa lahat ng tao ni
Nephi—
5 Oo, ang iyakan ng mga ba-
long nagdadalamhati dahil sa
kanilang mga asawa, at gayon
din ng mga amang nagdada-
lamhati dahil sa kanilang mga
anak na lalaki, at ang mga anak
na babae dahil sa kanilang mga
kapatid, oo, ang mga magkaka-
patid dahil sa ama; at sa gayon
maririnig ang mga iyak ng pag-
dadalamhati sa kanilang lahat,
nagdadalamhati dahil sa kani-
lang kaanak na napatay.
6 At ngayon, tunay na ito'y na-
kalulungkot na araw; oo, isang
panahon ng kahinahunan, at
isang panahon ng labis na [a]pag-
aayuno at panalangin.
7 At sa gayon nagtapos ang
ikalabinglimang taon ng panu-
nungkulan ng mga hukom sa
mga tao ni Nephi;
8 At ito ang ulat ni Ammon at
ng kanyang mga kapatid, ang
kanilang mga paglalakbay sa
lupain ng Nephi, ang kanilang
mga pagdurusa sa lupain, ang
kanilang mga kalungkutan, at
kanilang mga paghihirap, at ka-
nilang [a]hindi maunawaang ka-
galakan, at ang pagtanggap at
pagkakaligtas ng mga kapatid
sa lupain ng Jerson. At ngayon,
nawa'y pagpalain ng Pangino-
on, ang Manunubos ng lahat ng
tao, ang kanilang mga kaluluwa
magpakailanman.
9 At ito ang ulat ng mga dig-
maan at alitan sa mga Nephita,
at gayon din ng mga digmaang
namagitan sa mga Nephita at sa
mga Lamanita; at ang ikalabing-
limang taon ng panunungkulan
ng mga hukom ay nagtapos.
10 At sa unang taon hanggang
sa ikalabinglima ay naganap
ang pagkawasak ng maraming
libu-libong buhay; oo, naganap
ang isang kakila-kilabot na tag-
po ng pagdanak ng dugo.
11 At ang mga katawan ng
maraming libu-libo ay naibaon
sa ilalim ng lupa, samantalang
ang mga katawan ng marami
pang libu-libo ay [a]nangag-ag-
nasan sa mga bunton sa ibabaw
ng lupa; oo, at maraming libu-
libo ang [b]nagdalamhati sa pag-
kawala ng kanilang mga ka-
anak, sapagkat may dahilan
silang matakot, alinsunod sa
mga pangako ng Panginoon,
na sila ay nakatalaga sa kalaga-
yan ng walang katapusang ka-
pighatian.
12 Samantalang ang iba sa
maraming libu-libo ay tunay na
nagdalamhati dahil sa pagka-
wala ng kanilang mga kaanak,
gayon pa man, sila ay nagsaya
at nagpakagalak sa pag-asa, at

3*a* Alma 30:1.
6*a* Alma 30:2.
8*a* Alma 27:16–19.
11*a* Alma 16:11.
*b* Alma 48:23;
D at T 42:45–46.

nalalaman din, ayon sa mga [a]pa-
ngako ng Panginoon, na sila ay
ibabangon upang mamalagi sa
kanang kamay ng Diyos, sa ka-
lagayan ng walang katapusang
kaligayahan.
13 At sa gayon nakikita natin
kung gaano kalaki ang [a]di pag-
kakapantay-pantay ng tao dahil
sa kasalanan at paglabag, at ng
kapangyarihan ng diyablo, na
nagmumula sa pamamagitan ng
mga tusong [b]plano na kanyang
pinapakana upang masilo ang
mga puso ng tao.
14 At sa gayon nakikita na-
tin ang dakilang panawagan na
magsumigasig ang mga tao na
gumawa sa mga [a]ubasan ng Pa-
nginoon; at sa gayon nakikita
natin ang malaking dahilan ng
kalungkutan, at gayon din ng
pagsasaya—kalungkutan dahil
sa kamatayan at pagkalipol ng
mga tao, at kagalakan dahil sa
[b]liwanag ni Cristo tungo sa pag-
kabuhay.

## KABANATA 29

*Si Alma ay nagnais mangaral ng pagsisisi sa mala-anghel na pagsusumigasig—Ang Panginoon ay naglalaan ng mga guro sa lahat ng bansa—Si Alma ay nagpupuri sa gawain ng Panginoon at sa tagumpay ni Ammon at ng kanyang mga kapatid. Mga 76* B.C.

O NA ako'y isang anghel, at
matatamo ang mithiin ng aking
puso, na ako ay makahayo at
makapangusap nang may pa-
kakak ng Diyos, nang may tinig
upang mayanig ang mundo, at
mangaral ng pagsisisi sa lahat
ng tao!
2 Oo, ipahahayag ko sa lahat
ng kaluluwa, tulad ng tinig ng
kulog, ang pagsisisi at ang pla-
no ng pagtubos, na nararapat
silang magsisi at [a]magsilapit
sa ating Diyos, upang hindi na
magkaroon pa ng kalungkutan
sa balat ng lupa.
3 Subalit masdan, ako ay isang
tao, at nagkakasala sa aking mit-
hiin; sapagkat nararapat akong
malugod sa mga bagay na iniu-
kol sa akin ng Panginoon.
4 Hindi ko nararapat na ipi-
lit ang aking mga naisin sa ma-
tatag na pasiya ng makataru-
ngang Diyos, sapagkat nalala-
man kong ipinagkakaloob niya
sa mga tao ang naaayon sa ka-
nilang [a]naisin, maging ito man
ay sa kamatayan o sa pagkabu-
hay; oo, nalalaman kong itinata-
laga niya sa mga tao, oo, ipinag-
uutos sa kanila ang mga batas
na hindi mababago, alinsunod
sa kanilang mga [b]kagustuhan,
maging ang mga ito man ay sa
kaligtasan o sa pagkawasak.
5 Oo, at nalalaman ko na ang
mabuti at masama ay sumasa-
lahat ng tao; siya na hindi nala-
laman ang mabuti sa masama
ay walang pagkakasala; subalit

12*a* Alma 11:41.
13*a* 1 Ne. 17:35.
*b* 2 Ne. 9:28.
14*a* GBK Ubasan ng Panginoon.
*b* GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo.
**29** 2*a* Omni 1:26; 3 Ne. 21:20.
4*a* Awit 37:4.
*b* GBK Kalayaang Mamili.

siya na [a]nakaaalam ng mabuti at masama, sa kanya ay ipagkakaloob ang naaayon sa kanyang mga naisin, maging naisin man niya ang mabuti o masama, buhay o kamatayan, kagalakan o paggigiyagis ng [b]budhi.

6 Ngayon, nakikitang nalalaman ko ang mga bagay na ito, bakit kailangang naisin ko ang higit pa kaysa sa pagsasagawa ng gawain kung saan ako ay tinawag?

7 Bakit kailangang naisin ko na sana ako'y isang anghel, upang makapangusap ako sa lahat ng dulo ng mundo?

8 Sapagkat masdan, ang Panginoon ay nagtutulot sa [a]lahat ng bansa, sa kanilang sariling bansa at [b]wika, na ituro ang kanyang salita, oo, sa karunungan, lahat ng [c]nakikita niyang karapat-dapat na taglayin nila; anupa't nakikita natin na ang Panginoon ay nagpapayo sa karunungan, alinsunod sa yaong makatarungan at totoo.

9 Nalalaman ko yaong ipinag-utos sa akin ng Panginoon, at ipinagkakapuri ko ito. Hindi ako [a]nagpupuri sa aking sarili, kundi ipinagkakapuri ko yaong ipinag-utos sa akin ng Panginoon; oo, at ito ang aking kaluwalhatian, na baka sakaling ako'y maging kasangkapan sa mga kamay ng Diyos upang madala ang ilang kaluluwa sa pagsisisi; at ito ang aking kagalakan.

10 At masdan, kapag nakita kong tunay na nagsisisi ang marami sa aking mga kapatid, at lumalapit sa Panginoon nilang Diyos, sa gayon napupuspos ang aking kaluluwa ng kagalakan; sa panahong yaon naaalaala ko kung [a]ano ang ginawa ng Panginoon para sa akin, oo, maging sa dininig niya ang aking panalangin; oo, sa panahong yaon ko naaalaala ang kanyang maawaing bisig na iniunat niya sa akin.

11 Oo, at naaalaala ko rin ang pagkabihag ng aking mga ama; sapagkat tunay na nalalaman ko na ang [a]Panginoon ang siyang nagpalaya sa kanila sa pagkaalipin, at sa pamamagitan nito ay itinatag ang kanyang simbahan; oo, ang Panginoong Diyos, ang Diyos ni Abraham, ang Diyos ni Isaac, at ang Diyos ni Jacob ay pinalaya sila mula sa pagkaalipin.

12 Oo, parati kong naaalaala ang pagkabihag ng aking mga ama; at ang Diyos ding yaon na [a]nagligtas sa kanila mula sa mga kamay ng mga taga-Egipto ang siyang nagpalaya sa kanila mula sa pagkaalipin.

13 Oo, at ang Diyos ding yaon ay nagtatag ng kanyang simbahan sa kanila; oo, at ang Diyos ding yaon ay tinawag ako sa isang banal na tungkulin, ang ipangaral ang salita sa mga taong ito, at pinagkalooban ako ng malaking tagumpay, kung

5*a* 2 Ne. 2:18, 26; Moro. 7:15–19. GBK Pagkilala, Kaloob na.
*b* GBK Budhi.
8*a* 2 Ne. 29:12.
*b* D at T 90:11.
*c* Alma 12:9–11.
9*a* Alma 26:12.
10*a* Mos. 27:11–31.
11*a* Mos. 24:16–21; Alma 5:3–5.
12*a* Ex. 14:30–31.

saan ang aking [a]kagalakan ay nalubos.
14 Subalit hindi lamang ako nagagalak sa aking sariling tagumpay, kundi higit pang nalubos ang aking kagalakan dahil sa [a]tagumpay ng aking mga kapatid, na nagtungo sa lupain ng Nephi.
15 Masdan, sila ay nagpagal nang labis, at namunga ng maraming bunga; at kaydakila ng kanilang magiging gantimpala!
16 Ngayon, kapag naiisip ko ang tagumpay ng aking mga kapatid na ito, ang aking kaluluwa ay natatangay, maging sa paghihiwalay nito mula sa katawan, sa wari'y gayon ito, napakalaki ng aking kagalakan.
17 At ngayon, nawa'y ipagkaloob ng Diyos sa kanila, na aking mga kapatid, na sila ay makaupo sa kaharian ng Diyos; oo, at gayon din ang lahat ng yaong bunga ng kanilang pagpapapagal upang hindi na sila muling mawala pa, kundi kanilang purihin siya magpakailanman. At nawa'y ipagkaloob ng Diyos na maganap ang naaayon sa aking mga salita, maging tulad ng aking mga sinabi. Amen.

## KABANATA 30

*Kinutya ni Korihor, ang anti-Cristo, si Cristo, ang Pagbabayad-sala, at ang diwa ng propesiya—Itinuro niya na walang Diyos, walang pagkahulog ng tao, walang kaparusahan para sa mga kasalanan, at walang Cristo—Si Alma ay nagpatotoo na paparito si Cristo at na ang lahat ng bagay ay nagpapatunay na may Diyos—Si Korihor ay sapilitang humingi ng palatandaan at napipi—Ang diyablo ay nagpakita kay Korihor na tulad ng isang anghel at itinuro kung ano ang sasabihin niya—Si Korihor ay niyapak-yapakan at namatay. Mga 76–74 B.C.*

MASDAN, ngayon ito ay nangyari na, na matapos na ang mga [a]tao ni Ammon ay makapanirahan sa lupain ng Jerson, oo, at matapos ding [b]maitaboy ang mga Lamanita palabas ng lupain, at ang kanilang mga patay ay nailibing na ng mga tao ng lupain—
2 Ngayon, ang kanilang mga patay ay hindi mabilang dahil sa kalakihan ng kanilang bilang; ni ang mga patay ng mga Nephita ay mabilang—subalit ito ay nangyari na, matapos nilang ilibing ang kanilang mga patay, at matapos din ang mga araw ng pag-aayuno, at pagdadalamhati, at panalangin, (at ito ay sa ika-labing-anim na taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi) na nagsimulang magkaroon ng patuloy na kapayapaan sa lahat ng dako ng buong lupain.
3 Oo, at ang mga tao ay ginawang sundin ang mga kautusan ng Panginoon; at sila ay mahigpit sa pagpapatupad ng mga [a]ordenansa ng Diyos, alinsunod

13*a* D at T 18:14–16.
14*a* Alma 17:1–4.
**30** 1*a* Alma 27:25–26.
GBK Anti-Nephi-Lehi.
*b* Alma 28:1–3.
3*a* GBK Batas ni Moises, Mga.

sa mga batas ni Moises; sapagkat sila ay tinuruang [b]sundin ang mga batas ni Moises hanggang sa matupad ito.
4 At sa gayon ang mga tao ay hindi na nagkaroon ng kaguluhan sa buong ikalabing-anim na taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi.
5 At ito ay nangyari na, na sa pagsisimula ng ikalabimpitong taon ng panunungkulan ng mga hukom, ay nagkaroon ng patuloy na kapayapaan.
6 Subalit ito ay nangyari na, na sa dakong huli ng ikalabimpitong taon, may isang lalaking dumating sa lupain ng Zarahemla, at siya ay isang [a]Anti-Cristo, sapagkat siya ay nagsimulang mangaral sa mga tao laban sa mga propesiyang sinabi ng mga propeta, hinggil sa pagparito ni Cristo.
7 Ngayon, walang batas laban sa [a]paniniwala ng isang tao; sapagkat mahigpit itong sumasalungat sa mga utos ng Diyos na magkaroon ng isang batas na makapaglalagay sa mga tao sa di pantay na katayuan.
8 Sapagkat ganito ang wika ng mga banal na kasulatan: [a]Piliin ninyo sa araw na ito, kung sino ang inyong paglilingkuran.
9 Ngayon, kung nais ng isang tao na maglingkod sa Diyos, ito ay kanyang pribilehiyo; o sa lalong maliwanag, kung siya ay naniniwala sa Diyos ay kanyang pribilehiyong paglingkuran siya; subalit kung hindi siya naniniwala sa kanya ay walang batas upang siya'y parusahan.
10 Subalit kung siya ay pumaslang siya ay parurusahan hanggang sa [a]kamatayan; at kung siya ay nanloob siya ay parurusahan din; at kung siya ay nagnakaw siya ay parurusahan din; at kung siya'y nakagawa ng pakikiapid siya ay parurusahan din; oo, sa lahat ng kasamaang ito sila ay pinarurusahan.
11 Sapagkat may batas na ang mga tao ay nararapat hatulan alinsunod sa kanilang mabibigat na kasalanan. Gayon pa man, walang batas laban sa paniniwala ng isang tao; kaya nga, ang isang tao ay pinarurusahan lamang sa mabibigat na kasalanang nagawa niya; anupa't ang lahat ng tao ay nasa [a]pantay na katayuan.
12 At ang Anti-Cristong ito, na ang pangalan ay Korihor, (at ang batas ay walang panghahawakan sa kanya) ay nagsimulang mangaral sa mga tao na hindi magkakaroon ng isang Cristo. At alinsunod sa pamamaraang ito siya ay nangaral, sinasabing:
13 O kayong nakagapos sa ilalim ng isang hangal at walang kabuluhang pag-asa, bakit ninyo sinisingkawan ang inyong sarili ng mga bagay na hangal? Bakit kayo umaasa sa isang Cristo? Sapagkat walang taong makaaalam ng ano mang bagay na darating.

3*b* 2 Ne. 25:24–27; Alma 25:15.
6*a* GBK Anti-Cristo.
7*a* Alma 1:17.
8*a* Jos. 24:15. GBK Kalayaang Mamili.
10*a* GBK Mabigat na Kaparusahan.
11*a* Mos. 29:32.

14 Masdan, ang mga bagay na ito na tinatawag ninyong mga propesiya, na sinasabi ninyong ipinapasa-pasa ng mga banal na propeta, masdan, ang mga ito ay hangal na kaugalian ng inyong mga ama.

15 Paano ninyo nalalaman ang katiyakan ng mga ito? Masdan, hindi ninyo maaaring malaman ang mga bagay na hindi ninyo [a]nakikita; anupa't hindi ninyo maaaring malaman na magkakaroon ng isang Cristo.

16 Umaasa kayo at sinasabing nakikita ninyo ang kapatawaran ng inyong mga kasalanan. Subalit masdan, ito ay likha ng isang isipang matinding nababalisa; at ang kaguluhang ito sa inyong mga isipan ay dumating dahil sa mga kaugalian ng inyong mga ama, na umakay sa inyo palayo tungo sa isang paniniwala ng mga bagay na hindi naman gayon.

17 At marami pang gayong bagay ang sinabi niya sa kanila, sinasabi sa kanila na hindi maaaring magsagawa ng isang pagbabayad-sala para sa mga kasalanan ng tao, kundi ang bawat tao ay namumuhay sa buhay na ito alinsunod sa pangangasiwa ng nilikha; anupa't ang bawat tao ay umuunlad alinsunod sa kanyang likas na talino, at ang bawat tao ay nagagapi alinsunod sa kanyang lakas; at ang ano mang gawin ng tao ay hindi pagkakasala.

18 At sa gayon siya nangaral sa kanila, inaakay palayo ang puso ng marami, naging dahilan upang itaas nila ang kanilang mga ulo sa kanilang kasamaan, oo, inaakay palayo ang maraming kababaihan, at gayon din ang kalalakihan, na gumawa ng mga pagpapatutot—sinasabi sa kanila na kapag ang isang tao ay patay na, iyon na ang katapusan niyon.

19 Ngayon, ang lalaking ito ay nagtungo rin sa lupain ng Jerson, upang ipangaral ang mga bagay na ito sa mga tao ni Ammon, na noong minsan ay mga tao ng mga Lamanita.

20 Subalit masdan, higit silang matatalino kaysa sa marami sa mga Nephita; sapagkat kanilang dinakip siya, at iginapos siya, at dinala siya sa harapan ni Ammon, na siyang mataas na saserdote sa mga taong yaon.

21 At ito ay nangyari na, na iniutos niyang dalhin siya palabas ng lupain. At siya ay nagtungo sa lupain ng Gedeon, at nagsimula ring mangaral sa kanila; at doon siya ay hindi nagtamo ng gaanong tagumpay, sapagkat siya ay dinakip at iginapos at dinala sa harapan ng mataas na saserdote, at gayon din sa punong hukom ng lupain.

22 At ito ay nangyari na, na sinabi ng mataas na saserdote sa kanya: Bakit lumilibot ka sa pagliligaw ng mga landas ng Panginoon? Bakit nagtuturo ka sa mga taong ito na hindi magkakaroon ng isang Cristo, upang gambalain ang mga pagsasaya nila? Bakit nangungusap

15*a* Eter 12:5–6.

ka laban sa lahat ng propesiya ng mga banal na propeta?
23 Ngayon, ang pangalan ng mataas na saserdoteng ito ay Gidonas. At sinabi ni Korihor sa kanya: Sapagkat hindi ko itinuturo ang mga hangal na kaugalian ng inyong mga ama, at sapagkat hindi ko itinuturo sa mga taong ito na igapos ang kanilang sarili sa ilalim ng mga hangal na ordenansa at gawaing inilatag ng mga sinaunang saserdote, upang mangamkam ng kapangyarihan at karapatan sa kanila, upang panatilihin sila sa kawalang-malay, nang sa gayon hindi nila itaas ang kanilang mga ulo, kundi hilahing pababa alinsunod sa iyong mga salita.
24 Sinasabi mong ang mga taong ito ay mga taong malaya. Masdan, sinasabi kong sila ay nasa pagkaalipin. Sinasabi mong yaong mga sinaunang propesiya ay totoo. Masdan, sinasabi kong hindi mo nalalaman na ang mga ito ay totoo.
25 Sinasabi mong ang mga taong ito ay may pagkakasala at mga nahulog na tao, dahil sa paglabag ng isang magulang. Masdan, sinasabi kong hindi nagkasala ang isang musmos dahil sa mga magulang niya.
26 At sinasabi mo ring paparito si Cristo. Subalit masdan, sinasabi kong hindi mo nalalaman na magkakaroon ng isang Cristo. At sinasabi mo ring siya ay papatayin para sa mga [a]kasalanan ng sanlibutan—
27 At sa gayon inaakay mong palayo ang mga taong ito alinsunod sa mga hangal na kaugalian ng iyong mga ama, at alinsunod sa iyong mga sariling naisin; at pinanatili mo sila, maging sa pagkaalipin, upang pagsawain ninyo ang inyong sarili sa mga gawa ng kanilang mga kamay, upang hindi sila magtangkang tumingin nang may katapangan, at upang hindi sila magtangkang magtamasa ng kanilang mga karapatan at pribilehiyo.
28 Oo, hindi sila nagtangkang gamitin yaong kanilang sariling pag-aari na baka magdamdam ang kanilang mga saserdote, na sinisingkawan sila alinsunod sa kanilang mga naisin, at hinikayat silang maniwala, sa pamamagitan ng kanilang mga kaugalian at kanilang mga panaginip at kanilang mga layaw at kanilang mga pangitain at kanilang mga mapagkunwaring hiwaga, nang sa gayon, kung hindi nila gagawin ang naaayon sa kanilang mga salita, ay magdamdam ang isang di kilalang nilikha, na sinasabi nilang Diyos—isang nilikhang kailanman ay hindi pa nakita, o nakilala, noon pa man, ni kailanman.
29 Ngayon, nang makita ng mataas na saserdote at ng punong hukom ang katigasan ng kanyang puso, oo, nang makita nilang manlalait siya maging laban sa Diyos, sila ay tumanging gumawa ng ano mang pagtugon sa kanyang mga salita; kundi kanilang ipinagapos

26*a* Is. 53:4–7.

siya; at kanilang ibinigay siya sa mga kamay ng mga pinuno, at ipinadala siya sa lupain ng Zarahemla, upang siya ay madala sa harapan ni Alma, at sa punong hukom na siyang gobernador ng buong lupain.
30 At ito ay nangyari na, nang siya ay dalhin sa harapan ni Alma at ng punong hukom, siya ay nagpatuloy sa gayon ding pamamaraan tulad ng kanyang ginawa sa lupain ng Gedeon; oo, siya ay nagpatuloy sa [a]paglapastangan.
31 At siya ay nangusap sa [a]lumalakas na pananalita sa harapan ni Alma, at nilait ang mga saserdote at guro, pinararatangan sila ng pag-aakay palayo sa mga tao alinsunod sa mga hangal na kaugalian ng kanilang mga ama, sa kasiyahan ng pagpapakasawa sa mga pinagpagalan ng mga tao.
32 Ngayon sinabi ni Alma sa kanya: Nalalaman mong hindi namin pinagsasawaan sa aming sarili ang mga pinagpagalan ng mga taong ito; sapagkat masdan, ako ay gumawa maging mula pa sa simula ng paghahari ng mga hukom hanggang sa ngayon, sa aking sariling mga kamay para sa aking ikabubuhay, sa kabila ng marami kong paglalakbay sa palibot ng lupain upang ipahayag ang salita ng Diyos sa aking mga tao.
33 At sa kabila nang maraming gawaing ginawa ko sa simbahan, kailanma'y hindi ako nakatanggap kahit isang [a]senine para sa ginawa ko; ni ang sino man sa aking mga kapatid, maliban sa may hukumang-luklukan; at sa gayon tinatanggap lamang namin ang naaalinsunod sa batas para sa aming panahon.
34 At ngayon, kung hindi kami tumatanggap ng ano mang bagay para sa aming mga ginagawa sa simbahan, ano ang aming kapakinabangan upang gumawa sa simbahan maliban sa ipahayag ang katotohanan, upang kami ay magkaroon ng kasiyahan sa [a]kagalakan ng ating mga kapatid?
35 Samakatwid, bakit sinasabi mong nangangaral kami sa mga taong ito upang makinabang, bagaman nalalaman mo, sa iyong sarili, na hindi kami nakatatanggap ng kita? At ngayon, naniniwala ka bang nalilinlang namin ang mga taong ito, na nakapagdudulot ng labis na kagalakan sa kanilang mga puso?
36 At tinugon siya ni Korihor: Oo.
37 At sa gayon sinabi ni Alma sa kanya: Naniniwala ka bang may Diyos?
38 At siya ay tumugon, Hindi.
39 Ngayon sinabi ni Alma sa kanya: Itatatwa mo bang muli na may Diyos, at itatatwa mo rin ba ang Cristo? Sapagkat masdan, sinasabi ko sa iyo, nalalaman kong may Diyos, at gayon din na si Cristo ay paparito.
40 At ngayon, anong katibayan ang mayroon ka na walang

30*a* GBK Lapastangan, Kalapastanganan.
31*a* Hel. 13:22.
33*a* Alma 11:3.
34*a* GBK Kagalakan.

[a]Diyos, o na si Cristo ay hindi
paparito? Sinasabi ko sa iyong
wala, maliban lamang sa iyong
salita.
41 Subalit, masdan, taglay ko
ang lahat ng bagay bilang [a]pa-
totoo na ang mga bagay na ito
ay totoo; at taglay mo rin ang
lahat ng bagay bilang patotoo
sa iyo na ang mga ito ay totoo;
at ipagkakaila mo ba ang mga
ito? Naniniwala ka ba na ang
mga bagay na ito ay totoo?
42 Masdan, nalalaman kong
naniniwala ka, subalit pinagha-
harian ka ng isang mapagsinu-
ngaling na espiritu, at isinantabi
mo ang Espiritu ng Diyos upang
hindi ito magkaroon ng puwang
sa iyo; kung kaya nga't ang di-
yablo ay may nangingibabaw na
kapangyarihan sa iyo, at inaa-
kay ka niya, gumagawa ng mga
pamamaraan upang mawasak
niya ang mga anak ng Diyos.
43 At ngayon sinabi ni Korihor
kay Alma: Kung magpapakita
ka sa akin ng isang [a]palatanda-
an, upang ako ay mapaniwalang
may Diyos, oo, patunayan mo sa
akin na siya ay may taglay na
kapangyarihan, at nang sa ga-
yon ako ay maniwala sa katoto-
hanan ng iyong mga salita.
44 Subalit sinabi ni Alma sa
kanya: May sapat ka nang mga
palatandaan; tutuksuhin mo ba
ang iyong Diyos? Sasabihin mo
ba, Magpakita ka sa akin ng pa-
latandaan, bagaman taglay mo
ang patotoo ng [a]lahat ng ito na
iyong mga kapatid, at gayon
din ang lahat ng banal na pro-
peta? Ang mga banal na kasu-
latan ay nakalahad sa iyong ha-
rapan, oo, at ang [b]lahat ng ba-
gay ay nagpapatunay na may
Diyos; oo, maging ang [c]mundo,
at lahat ng bagay na nasa iba-
baw nito, oo, at ang [d]pag-inog
nito, oo, at gayon din ang lahat
ng [e]planetang gumagalaw sa ka-
nilang karaniwang ayos ay nag-
papatunay na may Kataas-taa-
sang Tagapaglikha.
45 At gayon pa man, nagpa-
libut-libot ka, inaakay palayo
ang mga puso ng mga taong
ito, nagpapatotoo sa kanila na
walang Diyos? At gayon man
magkakaila ka ba laban sa lahat
ng katunayang ito? At sinabi
niya: Oo, ipagkakaila ko, mali-
ban sa pakitaan mo ako ng pa-
latandaan.
46 At ngayon ito ay nangya-
ri na, na sinabi ni Alma sa kan-
ya: Masdan, ako ay nalulung-
kot dahil sa katigasan ng iyong
puso, oo, dahil sa iyo pa ring
tinitikis ang diwa ng katotoha-
nan, upang ang iyong kalulu-
wa ay mawasak.
47 Subalit masdan, [a]higit na
mabuti na ang iyong kaluluwa
ay mawala kaysa sa ikaw ang
maging sanhi ng pagdadala sa
maraming kaluluwa tungo sa
pagkawasak, sa pamamagitan
ng iyong pagsisinungaling at sa

40*a* Awit 14:1.
41*a* GBK Saksi.
43*a* Jac. 7:13–21; D at T 46:8–9.
GBK Palatandaan.
44*a* Mos. 13:33–34.
*b* Awit 19:1; D at T 88:47.
*c* Job 12:7–10.
*d* Hel. 12:11–15.
*e* Moi. 6:63.
47*a* 1 Ne. 4:13.

pamamagitan ng iyong mahihi-
bong salita; kaya nga, kung muli
kang magkakaila, masdan, pa-
rurusahan ka ng Diyos, na ma-
giging pipi ka, upang hindi mo
na mabuksan pa kailanman ang
iyong bibig, nang hindi mo na
malinlang pa ang mga taong ito.
48 Ngayon sinabi ni Korihor sa
kanya: Hindi ko itinatatwa ang
pagkakaroon ng Diyos, kundi
hindi ako naniniwalang may
Diyos; sinasabi ko ring hindi
mo nalalamang may Diyos; at
maliban kung pakitaan mo ako
ng palatandaan, ay hindi ako
maniniwala.
49 Ngayon sinabi ni Alma sa
kanya: Ito ang ibibigay sa iyo
bilang palatandaan, na [a]mapi-
pipi ka, alinsunod sa aking
mga salita; at sinasabi ko sa pa-
ngalan ng Diyos, magiging pipi
ka, na hindi ka na makapangu-
ngusap pa.
50 Ngayon, nang sabihin ni
Alma ang mga salitang ito, si
Korihor ay napipi, na hindi
siya makapangusap, alinsunod
sa mga salita ni Alma.
51 At ngayon, nang makita ito
ng punong hukom, iniunat niya
ang kanyang kamay at sumulat
kay Korihor, sinasabing: Na-
niniwala ka na ba sa kapangya-
rihan ng Diyos? Kung kanino
ninais mong pakitaan ka ni
Alma ng kanyang palatanda-
an? Sa akala mo ba'y pahihira-
pan niya ang iba, upang paki-
taan ka ng isang palatandaan?
Masdan, siya ay nagpakita sa
iyo ng palatandaan; at ngayon,
makikipagtalo ka pa ba?
52 At ngayon iniunat ni Ko-
rihor ang kanyang kamay at
sumulat, sinasabing: Nalala-
man kong ako ay napipi sapag-
kat hindi ako makapagsalita; at
nalalaman kong walang bagay
maliban sa kapangyarihan ng
Diyos ang makagagawa nito sa
akin; oo, at noon pa'y [a]nalala-
man ko nang may Diyos.
53 Subalit masdan, ako ay [a]na-
linlang ng diyablo; sapagkat
siya ay [b]nagpakita sa akin sa
kaanyuan ng isang anghel, at
sinabi sa akin: Humayo at ba-
wiin ang mga taong ito, sapag-
kat nangaligaw silang lahat sa
pagsunod sa isang di kilalang
Diyos. At sinabi niya sa akin:
[c]Walang Diyos; oo, at tinuruan
niya ako ng nararapat kong
sabihin. At itinuro ko ang kan-
yang mga salita; at itinuro ko
ang mga ito dahil sa kasiya-
siya ang mga ito sa [d]makamun-
dong isipan; at itinuro ko ang
mga ito, maging hanggang sa
makamtan ko ang malaking ta-
gumpay, hanggang sa ako ay
katotohanang naniwala na ang
mga ito ay totoo; at dahil dito
kinalaban ko ang katotohanan,
maging hanggang sa ipataw
ko ang malaking sumpang ito
sa akin.
54 Ngayon, nang sabihin niya
ito, siya ay nagsumamo na si
Alma ay manalangin sa Diyos,
upang maalis ang sumpa mula
sa kanya.

49*a* 2 Cron. 13:20.
52*a* Alma 30:42.
53*a* Jac. 7:14.
*b* 2 Cor. 11:14; 2 Ne. 9:9.
*c* Awit 10:4.
*d* GBK Makamundo.

55 Subalit sinabi ni Alma sa kanya: Kung ang sumpang ito ay aalisin mula sa iyo ay muli mong aakayin palayo ang mga puso ng mga taong ito; kaya nga, mangyayari sa iyo ang naaayon sa kalooban ng Panginoon.
56 At ito ay nangyari na, na ang sumpa ay hindi naalis kay Korihor; kundi siya ay itinaboy, at nagpalibut-libot sa bahay-bahay na nanlilimos para sa kanyang pagkain.
57 Ngayon, ang kaalaman ng nangyari kay Korihor ay kaagad ipinahayag sa lahat ng dako ng buong lupain; oo, ang pahayag ay ipinadala ng punong hukom sa lahat ng tao sa lupain, ipinahahayag sa mga yaong naniwala sa mga salita ni Korihor na kailangang kaagad silang magsisi, na baka ang gayon ding kahatulan ay sapitin nila.
58 At ito ay nangyari na, na silang lahat ay napaniwala sa kasamaan ni Korihor; kung kaya't silang lahat ay muling nagbalik-loob sa Panginoon; at winakasan nito ang kasamaan alinsunod sa pamamaraan ni Korihor. At si Korihor ay nagpalibut-libot sa bahay-bahay, nagpapalimos ng pagkain para sa kanyang ikabubuhay.
59 At ito ay nangyari na, habang siya ay humahalubilo sa mga tao, oo, sa mga taong inihiwalay ang kanilang sarili mula sa mga Nephita at tinawag ang kanilang sariling mga Zoramita, na pinamumunuan ng isang lalaking nagngangalang Zoram—at habang humahalubilo siya sa kanila, masdan, sinagasaan siya at niyapak-yapakan, maging hanggang sa mamatay siya.
60 At sa gayon nakikita natin ang katapusan niya na nagliligaw ng mga landas ng Panginoon; at sa gayon nakikita nating hindi [a]itataguyod ng [b]diyablo ang kanyang mga anak sa huling araw, kundi kaagad silang hihilahing pababa sa [c]impiyerno.

## KABANATA 31

*Pinamunuan ni Alma ang isang misyon upang bawiin ang mga Zoramita na mga tumalikod sa katotohanan—Itinatwa ng mga Zoramita si Cristo, naniwala sa huwad na kaisipan ng paghirang, at sumamba sa pamamagitan ng mga nakatakdang panalangin—Ang mga misyonero ay napuspos ng Banal na Espiritu—Ang kanilang mga paghihirap ay nadaig sa kagalakan dahil kay Cristo. Mga 74 B.C.*

1 Ngayon ito ay nangyari na, na matapos ang kamatayan ni Korihor, si Alma, matapos makatanggap ng balitang iniliguligaw ng mga Zoramita ang mga landas ng Panginoon, at na si Zoram, na kanilang pinuno, ay inaakay ang mga puso ng mga tao na [a]yumukod sa mga umid na [b]diyus-diyusan, ang kanyang

60*a* Alma 3:26–27; 5:41–42; D at T 29:45.
*b* GBK Diyablo.
*c* GBK Impiyerno.
**31** 1*a* Ex. 20:5; Mos. 13:13.
*b* 2 Ne. 9:37. GBK Pagsamba sa Diyus-diyusan.

puso ay nagsimulang muling
[c]malungkot dahil sa kasamaan
ng mga tao.
2 Sapagkat ito ang dahilan ng
labis na [a]kalungkutan ni Alma
na malamang may kasamaan
sa kanyang mga tao; anupa't
ang kanyang puso ay labis na
nalungkot dahil sa paghiwalay
ng mga Zoramita mula sa mga
Nephita.
3 Ngayon sama-samang tini-
pon ng mga Zoramita ang kani-
lang sarili sa lupaing tinawag
nilang Antionum, na nasa sila-
ngan ng lupain ng Zarahemla,
na nasa dako halos sa may
hangganan sa may dalampasi-
gan, na nasa timog ng lupain
ng Jerson, na nahahangganan
din ng timog ilang, kung aling
ilang ay puno ng mga Lamanita.
4 Ngayon, ang mga Nephita
ay nangamba nang labis na
baka ang mga Zoramita ay pu-
masok sa isang pakikipag-ug-
nayan sa mga Lamanita, at na
ito ang maging dahilan ng ma-
laking kawalan sa panig ng mga
Nephita.
5 At ngayon, sapagkat ang [a]pa-
ngangaral ng [b]salita ay may la-
kas na [c]umakay sa mga tao na
gawin yaong matwid—oo, may
higit itong malakas na bisa sa
isipan ng mga tao kaysa sa es-
pada, o ano pa mang bagay, na
nangyari na sa kanila—anupa't
naisip ni Alma na kapaki-paki-
nabang na subukan nila ang
bisa ng salita ng Diyos.
6 Kaya nga kanyang isinama
si Ammon, at Aaron, at Omner;
at si Himni ay iniwanan niya sa
simbahan sa Zarahemla; subalit
ang naunang tatlo ay isinama
niya, at gayon din sina Amulek
at Zisrom, na nasa Melek; at isi-
nama rin niya ang dalawa sa
kanyang mga anak na lalaki.
7 Ngayon, ang pinakamatanda
sa kanyang mga anak ay hindi
niya isinama, at ang pangalan
niya ay [a]Helaman; subalit ang
mga pangalan ng yaong mga isi-
nama niya ay Siblon at Corian-
ton; at ito ang mga pangalan ng
yaong mga sumama sa kanya
sa mga [b]Zoramita, upang ipa-
ngaral sa kanila ang salita.
8 Ngayon, ang mga Zoramita
ay mga [a]tumiwalag mula sa
mga Nephita; anupa't sa kanila
ay naipangaral na ang salita ng
Diyos.
9 Subalit sila ay [a]nahulog sa
malalaking kamalian, sapagkat
hindi nila ginawang sundin ang
mga kautusan ng Diyos, at ang
kanyang mga batas, alinsunod
sa mga batas ni Moises.
10 Ni ang gawin nila ang mga
gawain ng simbahan, na mag-
patuloy sa panalangin at pag-
susumamo sa Diyos sa araw-
araw, upang hindi sila mapada-
la sa tukso.
11 Oo, sa madaling salita, inili-

1*c* Alma 35:15.
2*a* Mos. 28:3; 3 Ne. 17:14; Moi. 7:41.
5*a* Enos 1:23; Alma 4:19. GBK Mangaral.
*b* Heb. 4:12; Jac. 2:8; Alma 36:26.
*c* Jar. 1:11–12; D at T 11:2.
7*a* GBK Helaman, Anak ni Alma.
*b* Alma 30:59.
8*a* Alma 24:30.
9*a* GBK Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan.

gaw nila ang mga landas ng Pa-
nginoon sa napakaraming pag-
kakataon; kaya nga, dahil dito,
si Alma at ang kanyang mga
kapatid ay nagtungo sa lupain
upang ipangaral ang salita sa
kanila.
12 Ngayon, nang sila ay ma-
karating sa lupain, masdan, sa
kanilang panggigilalas nalaman
nilang ang mga Zoramita ay
nagtayo ng mga sinagoga, at na
sama-samang tinitipon nila ang
kanilang sarili isang araw sa
isang linggo, kung aling araw
na iyon ay tinatawag nilang
araw ng Panginoon; at sila ay
sumasamba alinsunod sa pama-
maraang kailanma'y hindi pa
namasdan ni Alma at ng kan-
yang mga kapatid;
13 Sapagkat may lugar silang
itinayo sa gitna ng kanilang si-
nagoga, isang lugar na tindigan,
na mataas sa ulo; at sa tuktok
niyon ay isang tao lamang ang
makapapasok.
14 Samakatwid, sino man ang
magnais na [a]sumamba ay kaila-
ngang magtungo at tumindig sa
tuktok niyon, at iunat ang kan-
yang mga kamay sa langit, at
magsumamo sa malakas na ti-
nig, sinasabing:
15 Banal, banal na Diyos; nani-
niwala kaming kayo ay Diyos,
at naniniwala kaming kayo ay
banal, at na kayo ay espiritu, at
mananatiling espiritu magpaka-
ilanman.
16 Banal na Diyos, naniniwala
kaming inihiwalay ninyo kami
sa aming mga kapatid; at hindi
kami naniniwala sa kaugalian
ng aming mga kapatid, na ipi-
nasa-pasa sa kanila sa pagi-
ging isip-bata ng kanilang mga
ama; kundi naniniwala kaming
[a]hinirang ninyo kami upang
inyong maging mga [b]banal na
anak; at inyo ring ipinaalam sa
amin na hindi magkakaroon ng
Cristo.
17 Kundi kayo ay siya ring ka-
hapon, ngayon, at magpakailan-
man; at [a]hinirang ninyo kami
upang kami'y maligtas, niloob
na lahat ng yaong nasa aming
paligid ay hinirang na iwaksi
ng inyong kapootan pababa sa
impiyerno; kung aling kabana-
lan, O Diyos, ay nagpapasala-
mat kami sa inyo; at nagpapa-
salamat din kami sa inyo na hi-
nirang ninyo kami, upang hindi
kami maakay palayo alinsunod
sa mga hangal na kaugalian ng
aming mga kapatid, na guma-
gapos sa kanila sa isang panini-
wala kay Cristo, na umaakay sa
kanilang mga puso upang lumi-
his palayo mula sa inyo, aming
Diyos.
18 At muli nagpapasalamat
kami sa inyo, O Diyos, na kami
ay mga pinili at banal na tao.
Amen.
19 Ngayon ito ay nangyari na,
na matapos marinig ni Alma at
ng kanyang mga kapatid at ng
kanyang mga anak ang mga pa-
nalanging ito, sila ay nanggila-
las nang hindi masusukat.
20 Sapagkat masdan, humayo
ang bawat tao at naghandog ng
gayon ding mga panalangin.

14*a* Mat. 6:1–7.
16*a* Alma 38:13–14.
*b* Is. 65:3, 5.
17*a* GBK Kawalang-kabuluhan, Walang Kabuluhan.

21 Ngayon, ang lugar ay tinawag nilang Ramiumptum, na, ang ibig ipakahulugan, ay banal na tindigan.
22 Ngayon, mula sa tindigang ito sila ay naghahandog, bawat tao, ng gayon ding panalangin sa Diyos, pinasasalamatan ang kanilang Diyos na kanyang mga pinili sila, at na hindi niya inakay sila palayo alinsunod sa kaugalian ng kanilang mga kapatid, at na hindi nahikayat ang kanilang mga puso na maniwala sa mga bagay na darating, kung saan sila'y walang ano mang nalalaman.
23 Ngayon, matapos na ang lahat ng tao ay makapaghandog ng pasasalamat alinsunod sa pamamaraang ito, sila ay nagsibalik sa kanilang mga tahanan, [a]hindi na muling nangungusap pa hinggil sa kanilang Diyos hanggang sa muli nilang sama-samang tipunin ang sarili sa banal na tindigan, upang maghandog ng pasasalamat alinsunod sa kanilang pamamaraan.
24 Ngayon, nang makita ito ni Alma, ang kanyang puso ay [a]nalungkot; sapagkat kanyang nakita na sila ay masasama at mga naliligaw na tao; oo, nakita niya na ang kanilang mga puso ay nakalagak sa ginto, at sa pilak, at sa lahat ng uri ng maiinam na bagay.
25 Oo, kanyang nakita rin na ang kanilang mga puso ay [a]iniangat hanggang sa labis na pagmamalaki, sa kanilang kapalaluan.
26 At itinaas niya ang kanyang tinig sa langit, at [a]nagsusumamo, sinasabing: O, gaano katagal, O Panginoon, na pahihintulutan ninyo ang inyong mga tagapaglingkod na mamalagi rito sa ibaba sa laman, upang mamasdan ang ganitong napakalaking kasamaan sa mga anak ng tao?
27 Masdan, O Diyos, sila ay [a]nagsusumamo sa inyo, at gayon man ang kanilang mga puso ay nalulon sa kanilang kapalaluan. Masdan, O Diyos, sila ay [b]nagsusumamo sa inyo sa pamamagitan ng kanilang mga bibig, samantalang sila ay nagmamataas, maging sa kasukdulan, sa mga bagay na walang kabuluhan ng daigdig.
28 Masdan, O aking Diyos, ang kanilang mamahaling kasuotan, at kanilang mga singsing, at kanilang mga [a]galang, at kanilang mga palamuting ginto, at lahat ng kanilang mahalagang bagay, na sa kanila ay pumapalamuti; at masdan, ang kanilang mga puso ay nakalagak sa mga ito, at gayon man nagsusumamo sila sa inyo sinasabing—Kami ay nagpapasalamat sa inyo, O Diyos, sapagkat kami ay mga piniling tao ninyo, samantalang ang iba ay masasawi.
29 Oo, at sinasabing ipinaalam ninyo sa kanila na hindi magkakaroon ng Cristo.
30 O Panginoong Diyos, ga-

23*a* Sant. 1:21–25.
24*a* Gen. 6:5–6.
25*a* Jac. 2:13; Alma 1:32.
26*a* Moi. 7:41–58.
27*a* Is. 29:13.
*b* GBK Kapalaluan.
28*a* Is. 3:16–24.

ano katagal ninyong pahihin-
tulutang magkaroon ng gani-
tong kasamaan at kawalan ng
paniniwala sa mga taong ito? O
Panginoon, nawa'y pagkaloo-
ban ninyo ako ng lakas, upang
makayanan ko ang aking mga
kahinaan. Sapagkat ako ay ma-
hina, at ang gayong kasamaan
sa mga taong ito ay sumusugat
sa aking kaluluwa.
31 O Panginoon, ang aking
puso ay labis na nalulungkot,
nawa'y aliwin ninyo ang aking
kaluluwa [a]kay Cristo. O Pa-
nginoon, nawa'y ipahintulot
ninyong ako ay magkaroon ng
lakas, upang mabata ko nang
may pagtitiis ang mga paghihi-
rap na ito na kasasapitan ko,
dahil sa kasamaan ng mga ta-
ong ito.
32 O Panginoon, nawa'y ali-
win ninyo ang aking kaluluwa,
at ibigay sa akin ang tagum-
pay, at gayon din sa mga kap-
wa ko manggagawa na mga ka-
sama ko—oo, sina Ammon, at
Aaron, at Omner, at gayon din
sina Amulek at Zisrom, at ga-
yon din ang [a]dalawa kong anak
na lalaki—oo, nawa'y aliwin
ninyo maging lahat sila, O Pa-
nginoon. Oo, nawa'y aliwin nin-
yo ang kanilang mga kaluluwa
kay Cristo.
33 Nawa'y ipagkaloob ninyo sa
kanila na sila ay magkaroon ng
lakas upang mabata nila ang ka-
nilang mga paghihirap na kasa-
sapitan nila dahil sa mga kasa-
maan ng mga taong ito.
34 O Panginoon, nawa'y ipag-
kaloob ninyo [a]sa amin na ang
tagumpay ay matamo namin sa
muling pagdadala sa kanila sa
inyo sa pamamagitan ni Cristo.
35 Masdan, O Panginoon, ang
kanilang mga [a]kaluluwa ay ma-
hahalaga, at marami sa kanila ay
aming mga kapatid; kaya nga,
ipagkaloob ninyo sa amin, O Pa-
nginoon, ang kapangyarihan at
karunungan, upang madala na-
ming muli sila, na aming mga
kapatid, sa inyo.
36 Ngayon ito ay nangyari na,
nang sabihin ni Alma ang mga
salitang ito, na [a]ipinatong niya
ang kanyang mga [b]kamay sa
kanilang lahat na kasama niya.
At masdan, nang ipatong niya
ang kanyang mga kamay sa ka-
nila, sila ay napuspos ng Banal
na Espiritu.
37 At matapos yaon ay naghi-
wa-hiwalay ang bawat isa sa
kanila, [a]hindi nag-aalaala para
sa kanilang sarili kung ano ang
kanilang kakainin, o kung ano
ang kanilang iinumin, o kung
ano ang kanilang isusuot.
38 At ang Panginoon ang nag-
laan para sa kanila upang hindi
sila magutom, ni ang sila ay
mauhaw; oo, at kanya ring bi-
nigyan sila ng lakas, upang
hindi sila magdanas ng ano
mang uri ng [a]paghihirap, mali-
ban sa malulon sa kagalakan

31*a* Juan 16:33.
32*a* Alma 31:7.
34*a* 2 Ne. 26:33.
35*a* gbk Kaluluwa—Kahalagahan ng mga kaluluwa.
36*a* 3 Ne. 18:36–37.
*b* gbk Kamay, Pagpapatong ng mga.
37*a* Mat. 6:25–34; 3 Ne. 13:25–34.
38*a* Mat. 5:10–12; Mos. 24:13–15; Alma 33:23.

dahil kay Cristo. Ngayon, ito
ay naaalinsunod sa panalangin
ni Alma; at ito ay dahil sa nana-
langin siya nang may [b]pana-
nampalataya.

## KABANATA 32

*Tinuruan ni Alma ang mga mara-
lita na nangagpakumbaba dahil sa
kanilang mga paghihirap—Ang
pananampalataya ay isang pag-
asa roon sa hindi nakikita ngunit
totoo—Pinatotohanan ni Alma
na ang mga anghel ay nagliling-
kod sa mga lalaki, babae, at bata
—Inihambing ni Alma ang salita
sa isang binhi—Ito ay kailangang
itanim at alagaan—Sa gayon, ito
ay sisibol hanggang sa maging
isang punungkahoy kung saan ang
bunga ng buhay na walang hang-
gan ay pinipitas. Mga 74* B.C.

AT ito ay nangyari na, na sila ay
humayo, at nagsimulang ipa-
ngaral ang salita ng Diyos sa
mga tao, pumapasok sa kani-
lang mga sinagoga, at sa kani-
lang mga tahanan; oo, at maging
sa kanilang mga lansangan ay
ipinangangaral nila ang salita.
2 At ito ay nangyari na, na ma-
tapos ang maraming pagpapa-
gal sa kanila, sila ay nagsimu-
lang magkaroon ng tagumpay
sa mga [a]maralitang antas ng mga
tao, sapagkat masdan, sila ay iti-
naboy palabas ng sinagoga da-
hil sa kagaspangan ng kanilang
mga kasuotan—
3 Anupa't sila ay hindi pina-
hintulutang pumasok sa kani-
lang mga sinagoga upang su-
mamba sa Diyos, sapagkat iti-
nuturing na karumihan; dahil sa
sila ay mga maralita; oo, sila ay
itinuturing ng kanilang mga ka-
patid na kagaya ng taing bakal;
dahil sa sila ay [a]kapos sa mga
bagay ng daigdig; at gayundin
sila ay may mababang-loob.
4 Ngayon, habang si Alma ay
nagtuturo at nagsasalita sa mga
tao sa burol ng Onidas, doon ay
nagsilapit sa kanya ang napaka-
raming tao, sila na aming sina-
sabi na may mga [a]mababang-
loob, dahil sa kanilang kakapu-
san sa mga bagay ng daigdig.
5 At sila ay lumapit kay Alma;
at ang isa na nangunguna sa
kanila ang nagsabi sa kanya:
Masdan, [a]ano ang gagawin ng
mga kapatid kong ito, sapagkat
sila ay hinahamak ng lahat ng
tao dahil sa kanilang kahirapan,
oo, at lalong higit ng aming mga
saserdote; sapagkat kami ay [b]iti-
naboy palabas ng aming mga
sinagoga na aming pinagpaga-
lan nang labis upang itayo ng
aming sariling mga kamay; at
kami ay itinaboy nila palabas
dahil sa aming labis na kahira-
pan; at kami ay walang lugar
na sumamba sa aming Diyos;
at masdan, [c]ano ang aming ga-
gawin?
6 At ngayon, nang marinig ito
ni Alma, kanya siyang binali-
ngan, na ang kanyang mukha

38*b* GBK Pananam-
palataya.
**32** 2*a* GBK Maralita.
3*a* Alma 34:40.
4*a* GBK Maralita—
Maralita sa espiritu.
5*a* Kaw. 18:23.
*b* Alma 33:10.
*c* Gawa 2:37–38.

ay malapit sa kanya, at pinagmasdan siya nang may malaking kagalakan; sapagkat kanyang namasdan na ang kanilang mga [a]paghihirap ay tunay na [b]nakapagpakumbaba sa kanila, at na sila ay [c]handa nang pakinggan ang salita.

7 Kaya nga, hindi na siya nagsalita pa sa iba pang mga tao; kundi iniunat niya ang kanyang kamay, at sumigaw roon sa kanyang mga namasdan, na mga tunay na nagsisisi, at sinabi sa kanila:

8 Aking namamasdan na kayo ay [a]mapagpakumbaba sa puso; at kung magkagayon kayo ay pinagpala.

9 Masdan, ang inyong kapatid ay nagsabi, Ano ang aming gagawin?—sapagkat kami ay itinaboy palabas ng aming mga sinagoga, kaya nga hindi namin masamba ang aming Diyos.

10 Masdan sinasabi ko sa inyo, inaakala ba ninyong hindi kayo [a]makasasamba sa Diyos maliban kung ito ay sa inyong mga sinagoga lamang?

11 At bukod dito, itinatanong ko, inaakala ba ninyong hindi kayo makasasamba sa Diyos kundi minsan lamang sa isang linggo?

12 Sinasabi ko sa inyo, mabuti na kayo ay itinaboy palabas ng inyong mga sinagoga upang kayo ay maging mapagpakumbaba, at nang kayo ay matuto ng [a]karunungan; sapagkat kailangang kayo ay matuto ng karunungan; sapagkat dahil sa kayo ay itinaboy palabas, na kayo ay hinamak ng inyong mga kapatid dahil sa inyong labis na [b]kahirapan, kaya kayo ay naakay sa kababaan ng puso; sapagkat kayo ay kinakailangang akayin na maging mapagpakumbaba.

13 At ngayon, dahil sa kayo ay napilitang magpakumbaba, kayo ay pinagpala; sapagkat ang isang tao kung minsan, kung siya ay napilitang magpakumbaba, ay naghahangad na magsisi; at ngayon, tiyak na ang sinumang magsisisi ay makasusumpong ng awa, at siya na nakasumpong ng awa at [a]makapagtitiis hanggang katapusan, siya rin ay maliligtas.

14 At ngayon, tulad ng sinabi ko sa inyo, na dahil sa kayo ay napilitang magpakumbaba kayo ay pinagpala, hindi ba ninyo inaakala na higit na pinagpala sila na tunay na nagpakumbaba ng kanilang sarili dahil sa salita?

15 Oo, siya na tunay na nagpapakumbaba ng kanyang sarili, at nagsisisi ng kanyang mga kasalanan, at makapagtitiis hanggang sa katapusan, siya rin ay pagpapalain—oo, lalong higit na pagpapalain kaysa sa kanila na napilitang magpakumbaba dahil sa kanilang labis na kahirapan.

16 Kaya nga, pinagpala sila na

6*a* GBK Pagdurusa.
*b* GBK Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba.
*c* Alma 16:16–17; D at T 101:8.
8*a* Mat. 5:3–5.
10*a* GBK Pagsamba.
12*a* Ec. 4:13.
*b* Kaw. 16:8.
13*a* Alma 38:2.

[a]nagpapakumbaba ng kanilang sarili na hindi kailangang piliting magpakumbaba; o kaya sa ibang salita, pinagpala siya na naniniwala sa salita ng Diyos, at nabinyagan nang walang katigasan ng puso, oo, na hindi na kinailangan pang malaman ang salita, o kaya'y pinilit na malaman bago sila maniwala.

17 Oo, marami ang nagsasabi: Kung ikaw ay magpapakita sa amin ng isang [a]palatandaan mula sa langit, sa gayon, malalaman namin nang may katiyakan, at pagkatapos kami ay maniniwala.

18 Ngayon, itinatanong ko, ito ba ay pananampalataya? Masdan, sinasabi ko sa inyo, Hindi, sapagkat kung nalalaman ng isang tao ang isang bagay, siya ay walang dahilan upang [a]maniwala, sapagkat alam na niya ito.

19 At ngayon, gaano kahigit na susumpain siya na [a]nakaaalam ng kalooban ng Diyos at hindi ito ginagawa, kaysa sa kanya na naniniwala lamang, o mayroon lamang dahilan upang maniwala at mahulog sa pagkakasala?

20 Ngayon, sa bagay na ito, kayo ang kailangang humatol. Masdan, sinasabi ko sa inyo, na ito ay sa isang dako katulad din sa kabilang dako; at ito ay mangyayari sa bawat tao alinsunod sa kanyang gawa.

21 At ngayon, tulad ng sinabi ko hinggil sa pananampalataya—ang [a]pananampalataya ay hindi ang pagkakaroon ng ganap na kaalaman sa mga bagay; kaya nga, kung ikaw ay may pananampalataya, [b]umaasa ka sa mga bagay na [c]hindi nakikita, ngunit totoo.

22 At ngayon, masdan, sinasabi ko sa inyo, at nais kong inyong tandaan, na ang Diyos ay maawain sa lahat ng naniniwala sa kanyang pangalan; anupa't ninanais niya, sa unang dako, na kayo ay maniwala, oo, maging sa kanyang salita.

23 At ngayon, ibinabahagi niya ang kanyang mga salita sa mga tao sa pamamagitan ng kanyang mga anghel, oo, [a]hindi lamang sa kalalakihan, kundi pati rin sa kababaihan. Ngayon, hindi lamang ito; sa maliliit na [b]bata ay mayroon ding mga salitang ibinigay sa kanila nang maraming ulit, na lumilito sa marunong at matalino.

24 At ngayon, mga minamahal kong kapatid, katulad ng hinihiling ninyo na malaman sa akin kung ano ang inyong gagawin sapagkat kayo ay pinahirapan at itinaboy—ngayon, hindi ko nais na inyong akalain na ibig kong hatulan kayo tanging alinsunod lamang doon sa totoo—

25 Sapagkat hindi ko ibig sabihin na kayong lahat ay napilitang magpakumbaba ng inyong

16*a* GBK Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba.
17*a* GBK Palatandaan.
18*a* Eter 12:12, 18.
19*a* Juan 15:22–24.
21*a* Juan 20:29; Heb. 11.
*b* GBK Pag-asa.
*c* Eter 12:6.
23*a* Joel 2:28–29.
*b* Mat. 11:25; Lu. 10:21; 3 Ne. 26:14–16; D at T 128:18.

sarili; sapagkat ako ay tunay na
naniniwala na may ilan sa inyo
na kusang nagpapakumbaba sa
inyong sarili, hayaan sila kung
anuman ang katayuan nila.
26 Ngayon, kagaya ng sinabi
ko hinggil sa pananampalata-
ya—na ito ay hindi isang ganap
na kaalaman—maging ganoon
din ang aking mga salita. Hindi
ninyo malalaman ang kanilang
katiyakan sa una, hanggang sa
kaganapan, anuman ang higit
pa sa pananampalataya ay isang
ganap na kaalaman.
27 Subalit masdan, kung kayo
ay gigising at pupukawin ang
inyong kaisipan, maging sa
isang pagsubok sa aking mga
salita, at gagamit ng kahit
bahagyang pananampalataya,
oo, kahit na wala kayong higit
na [a]nais kundi ang maniwala,
hayaan na ang pagnanais na
ito ay umiral sa inyo, maging
hanggang sa kayo ay maniwa-
la sa isang pamamaraan na
kayo ay magbibigay-puwang
para sa isang bahagi ng aking
mga salita.
28 Ngayon, ating ihahalintu-
lad ang salita sa isang [a]binhi.
Ngayon, kung kayo ay magbi-
bigay-puwang, na ang [b]binhi
ay maitanim sa inyong mga
[c]puso, masdan, kung iyon ay
isang tunay na binhi, o isang
mabuting binhi, kung hindi
ninyo ito itatapon dahil sa in-
yong [d]kawalang-paniniwala, na
inyong sasalungatin ang Espi-
ritu ng Panginoon, masdan, ito
ay magsisimulang lumaki sa
loob ng inyong mga dibdib;
at kapag nadama ninyo ang ga-
nitong paglaki, kayo ay magsisi-
mulang magsabi sa inyong sa-
rili—Talagang ito ay mabuting
binhi, o na ang salita ay mabu-
ti, sapagkat sinisimulan nitong
palakihin ang aking kaluluwa;
oo, sinisimulan nitong liwana-
gin ang aking [e]pang-unawa, oo,
ito ay nagsisimulang maging
masarap para sa akin.
29 Ngayon masdan, ito ba ay
hindi makadaragdag sa inyong
pananampalataya? Sinasabi ko
sa inyo, Oo; gayunman ito ay
hindi pa lumalaki sa isang ga-
nap na kaalaman.
30 Ngunit masdan, habang ang
binhi ay lumalaki at sumisibol,
at nagsisimulang tumubo, kung
magkagayon ay talagang sasabi-
hin ninyo na ang binhi ay ma-
buti; sapagkat masdan, ito ay
lumalaki at sumisibol, at nagsi-
simulang tumubo. At ngayon,
masdan, ito ba ay hindi maka-
pagpapalakas sa inyong pana-
nampalataya? Oo, ito ay maka-
pagpapalakas sa inyong pana-
nampalataya sapagkat inyong
sasabihin na alam kong ito ay
isang mabuting binhi; sapagkat
masdan, ito ay sumisibol at nag-
sisimulang tumubo.
31 At ngayon, masdan, kayo
ba ay nakatitiyak na ito ay ma-
buting binhi? Sinasabi ko sa
inyo, Oo; sapagkat ang bawat
binhi ay magbubunga ng kan-
yang [a]katulad.

27*a* Mar. 11:24.
28*a* Alma 33:1.
*b* Lu. 8:11.
*c* gbk Puso.
*d* Mat. 17:20.
*e* gbk Pagkaunawa.
31*a* Gen. 1:11–12.

32 Anupa't kung ang isang binhi ay tumutubo ito ay mabuti, ngunit kung ito ay hindi tumutubo, masdan ito ay hindi mabuti, kaya nga ito ay itatapon.
33 At ngayon, masdan, dahil sa inyong isinagawa ang pagsubok, at itinanim ang binhi, at ito ay lumaki at sumibol, at nagsimulang tumubo, kailangang malaman ninyo na ang binhi ay mabuti.
34 At ngayon, masdan, ang inyo bang [a]kaalaman ay ganap? Oo, ang inyong kaalaman ay ganap sa bagay na yaon, at ang inyong [b]pananampalataya ay hindi lumalaki; at ito ay sapagkat nalalaman na ninyo, sapagkat nalalaman ninyo na ang salita ay nagpalaki sa inyong mga kaluluwa, at nalalaman din ninyo na ito ay sumibol, na ang inyong pang-unawa ay nagsimulang magliwanag, at ang inyong [c]isipan ay nagsimulang lumawak.
35 O ngayon, hindi ba ito ay tunay? Sinasabi ko sa inyo, Oo, sapagkat ito ay [a]liwanag; at anuman ang maliwanag ay mabuti, sapagkat ito ay nauunawaan, kaya nga kailangan ninyong malaman na ito ay mabuti; at ngayon, masdan, matapos ninyong matikman ang liwanag na ito, ang inyo bang kaalaman ay ganap?
36 Masdan, sinasabi ko sa inyo, Hindi; ni hindi ninyo kailangang isantabi ang inyong pananampalataya, sapagkat inyo lamang ginamit ang inyong pananampalataya upang itanim ang binhi at nang inyong maisagawa ang pagsubok upang inyong malaman kung ang binhi ay mabuti.
37 At masdan, habang ang punungkahoy ay nagsisimulang lumaki, inyong sasabihin: Ating alagaan ito nang may malaking pagkalinga, nang iyon ay magkaugat, nang iyon ay lumaki, at magbigay ng bunga sa atin. At ngayon, masdan, kung inyong aalagaan iyon nang mabuti, ito ay magkakaugat, at tutubo at magbibigay ng bunga.
38 Subalit kung inyong [a]pababayaan ang punungkahoy, at hindi iisipin ang pangangalaga rito, masdan, iyon ay hindi magkakaroon ng anumang ugat; at kung ang init ng araw ay matindi at darangin ito, sapagkat wala itong ugat ito ay malalanta, at ito ay inyong bubunutin at itatapon.
39 Ngayon, ito ay hindi dahil ang binhi ay hindi mabuti, ni ito ay dahil ang bunga niyon ay hindi magiging kanais-nais; kundi ito ay dahil ang inyong [a]lupa ay tigang, at hindi ninyo inaalagaan ang punungkahoy, anupa't hindi kayo magkakaroon ng bunga niyon.
40 At kung magkagayon, kung hindi ninyo aalagaan ang salita, na umaasa nang may pananam-

34*a* GBK Kaalaman.
*b* Eter 3:19.
*c* GBK Isipan.
35*a* Juan 3:18–21.
GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo.
38*a* GBK Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan.
39*a* Mat. 13:5.

palataya sa bunga niyon, hindi kayo kailanman makapipitas ng bunga ng [a]punungkahoy ng buhay.

41 Subalit kung inyong aalagaan ang salita, oo, aalagaan ang punungkahoy habang ito ay nagsisimulang lumaki, sa pamamagitan ng inyong pananampalataya nang may malaking pagsisikap, at may [a]pagtitiyaga, umaasa sa bunga niyon, ito ay magkakaugat, at masdan, ito ay magiging isang punungkahoy na [b]sumisibol tungo sa buhay na walang hanggan.

42 At dahil sa inyong [a]pagsisikap at inyong pananampalataya at inyong pagtitiyaga sa salita sa pag-aalaga nito upang ito'y mapapag-ugat ninyo, masdan, di maglalaon, kayo ay pipitas ng [b]bunga niyon, na pinakamahalaga, na pinakamatamis sa lahat ng matamis, at pinakamaputi sa lahat ng maputi, oo, at pinakadalisay sa lahat ng dalisay; at kayo ay magpapakabusog sa bungang ito hanggang sa kayo ay mapuno, upang hindi na kayo magutom pa, ni hindi na kayo mauuhaw.

43 Kung magkagayon, mga kapatid ko, inyong aanihin ang mga gantimpala ng inyong pananampalataya, at inyong pagsisikap, at pagtitiyaga, at mahabang pagtitiis, sa paghihintay sa punungkahoy na magbigay ng bunga sa inyo.

## KABANATA 33

*Itinuro ni Zenos na nararapat manalangin at sumamba ang tao sa lahat ng lugar, at na iwinaksi ang mga kahatulan dahil sa Anak—Itinuro ni Zenos na ang awa ay ipinagkaloob dahil sa Anak—Itinaas ni Moises sa ilang ang isang kahalintulad ng Anak ng Diyos. Mga 74 B.C.*

NGAYON matapos sabihin ni Alma ang mga salitang ito, sila ay nagtanong sa kanya, nagnanais na malaman kung sila ay nararapat maniwala sa [a]isang Diyos, upang matamo nila ang bungang ito na sinabi niya, o kung paano nila itatanim ang [b]binhi, o ang salitang kanyang sinabi, na sinabi niyang kinakailangang maitanim sa kanilang mga puso; o sa paanong paraan sila magsisimula upang gamitin ang kanilang pananampalataya.

2 At sinabi ni Alma sa kanila: Masdan, sinabi ninyong [a]hindi kayo makasamba sa inyong Diyos dahil sa kayo ay itinaboy palabas ng inyong mga sinagoga. Subalit masdan, sinasabi ko sa inyo, kung inaakala ninyong hindi kayo makasasamba sa Diyos, kayo ay labis na nagkakamali, at nararapat ninyong saliksikin ang mga [b]banal na kasulatan; kung inaakala ninyong itinuro nila ito sa inyo, hindi ninyo nauunawaan ang mga ito.

40*a* Gen. 2:9;
1 Ne. 15:36.
41*a* GBK Tiyaga.
*b* Alma 33:23;
D at T 63:23.
42*a* GBK Kasigasigan.
*b* 1 Ne. 8:10–12.
**33** 1*a* 2 Ne. 31:21;
Mos. 15:2–4.
*b* Alma 32:28–43.
2*a* Alma 32:5.
*b* Alma 37:3–10.

3 Natatandaan ba ninyong nabasa kung ano ang sinabi ni [a]Zenos, ang sinaunang propeta, hinggil sa panalangin o [b]pagsamba?
4 Sapagkat sinabi niya: Kayo ay maawain, O Diyos, sapagkat dininig ninyo ang aking panalangin, maging nang ako ay nasa ilang; oo, naging maawain kayo nang ako ay manalangin hinggil sa mga yaong aking mga [a]kaaway, at ipinaubaya ninyo sila sa akin.
5 Oo, O Diyos, at naging maawain kayo sa akin nang ako ay magsumamo sa inyo sa aking [a]bukid; nang ako ay magsumamo sa inyo sa aking panalangin, at dininig ninyo ako.
6 At muli, O Diyos, nang ako ay magtungo sa aking tahanan ay dininig ninyo ako sa aking panalangin.
7 At nang ako ay pumasok sa aking [a]munting silid, O Panginoon, at nanalangin sa inyo, dininig ninyo ako.
8 Oo, maawain kayo sa inyong mga anak kapag sila ay nagsusumamo sa inyo, upang marinig ninyo at hindi ng tao, at pakikinggan ninyo sila.
9 Oo, O Diyos, naging maawain kayo sa akin, at dininig ang aking mga pagsusumamo sa gitna ng inyong mga pagtitipuntipon.
10 Oo, at dininig din ninyo ako nang ako ay [a]itaboy at kinamuhian ng aking mga kaaway; oo, dininig ninyo ang aking mga pagsusumamo at nagalit sa aking mga kaaway, at dinalaw ninyo sila ng inyong galit sa pamamagitan ng dagliang pagkalipol.
11 At dininig ninyo ako dahil sa aking mga paghihirap at aking katapatan; at dahil sa inyong Anak kung kaya't naging maawain kayo nang gayon sa akin, kaya nga, ako ay magsusumamo sa inyo sa lahat ng aking paghihirap, sapagkat nasa inyo ang aking kagalakan; sapagkat iwinaksi ninyo mula sa akin ang inyong mga kahatulan, dahil sa inyong Anak.
12 At ngayon sinabi ni Alma sa kanila: Naniniwala ba kayo sa mga yaong [a]banal na kasulatang isinulat nila noon?
13 Masdan, kung naniniwala kayo, kinakailangang maniwala kayo sa sinabi ni [a]Zenos; sapagkat masdan, sinabi niya: Iwinaksi ninyo ang inyong mga kahatulan dahil sa inyong Anak.
14 Ngayon masdan, mga kapatid ko, itinatanong ko kung binasa ninyo ang mga banal na kasulatan? Kung binasa ninyo, paanong hindi kayo maniniwala sa Anak ng Diyos?
15 Sapagkat [a]hindi nasusulat na tanging si Zenos lamang ang nangusap ng mga bagay na ito, kundi nangusap din si [b]Zenok ng mga bagay na ito—

3*a* GBK Banal na Kasulatan, Mga—Nawawalang mga banal na kasulatan; Zenos.
*b* GBK Pagsamba.
4*a* Mat. 5:44.
5*a* Alma 34:20–25.
7*a* Mat. 6:5–6; Alma 34:26.
10*a* Alma 32:5.
12*a* GBK Banal na Kasulatan, Mga.
13*a* Alma 34:7.
15*a* Jac. 4:4.
*b* 1 Ne. 19:10; Alma 34:7.

16 Sapagkat masdan, sinabi niya: Nagagalit kayo, O Panginoon, sa mga taong ito, sapagkat sila ay tumangging unawain ang inyong mga awa na ipinagkaloob ninyo sa kanila dahil sa inyong Anak.

17 At ngayon, mga kapatid ko, nakikita ninyo na may ikalawang propeta noon na nagpatotoo sa Anak ng Diyos, at sapagkat ang mga tao ay tumangging unawain siya kaya nga kanilang [a]pinagbabato siya hanggang sa kamatayan.

18 Subalit masdan, hindi lamang ito; hindi lamang sila ang nangusap hinggil sa Anak ng Diyos.

19 Masdan, siya ay binanggit ni [a]Moises; oo, at masdan isang [b]kahalintulad ang [c]itinaas sa ilang, na kung sino man ang tumingin dito ay mabubuhay. At marami ang tumingin at nabuhay.

20 Subalit kakaunti ang nakaunawa sa ibig sabihin ng mga bagay na yaon, at ito ay dahil sa katigasan ng kanilang mga puso. Subalit marami ang napakatigas na tumanggi silang tumingin, kung kaya nga't nasawi sila. Ngayon, ang dahilan ng pagtanggi nilang tumingin ay dahil sa hindi sila naniwalang sila ay [a]mapapagagaling nito.

21 O mga kapatid ko, kung kayo ay mapapagagaling sa pamamagitan lamang ng pagbaling ng inyong mga mata upang kayo'y gumaling, hindi ba kayo mabilis na titingin, o nanaisin pa ninyong patigasin ang inyong mga puso sa kawalang-paniniwala, at maging mga tamad, na hindi ninyo ibabaling ang inyong mga mata, upang masawi kayo?

22 Kung gayon, sasainyo ang kapighatian; subalit kung hindi, samakatwid ibabaling ninyo ang inyong mga mata at [a]magsisimulang maniwala sa Anak ng Diyos, na siya ay paparito upang tubusin ang kanyang mga tao, at na siya ay magpapakasakit at mamamatay upang [b]magbayad-sala para sa kanilang mga kasalanan; at na siya ay [c]mabubuhay na mag-uli mula sa patay, na papapangyarihin ang [d]pagkabuhay na maguli, upang ang lahat ng tao ay tumindig sa kanyang harapan, upang hatulan sa huli at araw ng paghuhukom, alinsunod sa kanilang mga [e]gawa.

23 At ngayon, mga kapatid ko, hinihiling kong [a]itanim ninyo ang salitang ito sa inyong mga puso, at habang nagsisimula itong lumaki gayon pa man ito ay alagaan ng inyong pananampalataya. At masdan, ito ay magiging isang punungkahoy, [b]sisibol sa inyo tungo sa buhay na walang hanggan. At pagkata-

17*a* GBK Martir, Pagkamartir.
19*a* Deut. 18:15, 18; Alma 34:7.
*b* Blg. 21:9; 2 Ne. 25:20; Mos. 3:15.
*c* Juan 3:14; Hel. 8:14–15.
20*a* 1 Ne. 17:40–41.
22*a* Alma 32:27–28.
*b* Alma 22:14; 34:8–9.
*c* GBK Pagkabuhay na Mag-uli.
*d* Alma 11:44.
*e* GBK Gawa, Mga.
23*a* Alma 33:1; 34:4.
*b* Alma 32:41; D at T 63:23.

pos nawa'y ipagkaloob sa inyo ng Diyos na ang inyong mga [c]pasanin ay gumaan, sa pamamagitan ng kagalakan sa kanyang Anak. At maging ang lahat ng ito ay magagawa ninyo kung inyong nanaisin. Amen.

## KABANATA 34

*Pinatotohanan ni Amulek na ang salita ay na kay Cristo tungo sa kaligtasan—Maliban sa ang pagbabayad-sala ay gagawin, ang buong sangkatauhan ay tiyak na masasawi—Ang buong batas ni Moises ay nakatuon sa paghahain sa Anak ng Diyos—Ang walang hanggang plano ng pagtubos ay batay sa pananampalataya at pagsisisi—Manalangin para sa mga temporal at espirituwal na pagpapala—Ang buhay na ito ang panahon para sa mga tao na maghanda sa pagharap sa Diyos—Isagawa ang inyong kaligtasan nang may takot sa harapan ng Diyos. Mga 74 B.C.*

AT ngayon ito ay nangyari na, na matapos na sabihin ni Alma ang mga salitang ito sa kanila siya ay naupo sa lupa, at si [a]Amulek ay tumayo at nagsimulang magturo sa kanila, sinasabing:
2 Mga kapatid ko, iniisip ko na hindi maaari na kayo ay maging walang malay sa mga bagay na sinabi hinggil sa pagparito ni Cristo, na siyang itinuro namin na siyang Anak ng Diyos; oo, alam ko na [a]ang mga bagay na ito ay itinuro sa inyo nang labis-labis bago kayo tumiwalag sa amin.
3 At kagaya ng hinihiling ninyo sa aking minamahal na kapatid na kanyang ipaalam sa inyo kung ano ang nararapat ninyong gawin, dahil sa inyong mga paghihirap; at siya ay nagsalita nang bahagya sa inyo upang ihanda ang inyong mga pag-iisip; oo, at kayo ay pinayuhan niya tungkol sa pananampalataya at sa pagtitiyaga.
4 Oo, maging sa kayo ay magkaroon ng napakalaking pananampalataya maging kagaya ng [a]pagtatanim ng salita sa inyong mga puso, upang kayo ay magsikap na subukin ang kabutihan nito.
5 At aming namasdan na ang malaking katanungan na nasa inyong mga pag-iisip ay kung ang salita ay nasa Anak ng Diyos, o kung hindi magkakaroon ng Cristo.
6 At inyo ring napagmasdan na pinatunayan ng aking kapatid sa inyo, sa maraming pagkakataon, na ang [a]salita ay na kay Cristo tungo sa kaligtasan.
7 Ang aking kapatid ay sumangguni sa mga salita ni Zenos, na ang pagtubos ay darating sa pamamagitan ng Anak ng Diyos, at gayundin sa mga salita ni Zenok; at siya ay sumangguni rin kay Moises, upang patunayan na ang mga bagay na ito ay totoo.
8 At ngayon, masdan, [a]pa-

23*c* Alma 31:38.
**34** 1*a* Alma 8:21.
2*a* Alma 16:13–21.
4*a* Alma 33:23.
6*a* Juan 1:1, 14.
8*a* GBK Magpatotoo.

tototohanan sa inyo ng aking sarili na ang mga bagay na ito ay totoo. Masdan, sinasabi ko sa inyo, na alam ko na si Cristo ay paparito sa mga anak ng tao, upang akuin niya ang mga pagkakasala ng kanyang mga tao, at siya ay [b]magbabayad-sala para sa mga kasalanan ng sanlibutan; sapagkat ang Panginoong Diyos ang nagsabi nito.

9 Sapagkat kinakailangan na ang [a]pagbabayad-sala ay maisagawa; sapagkat ayon sa dakilang [b]plano ng Diyos na Walang Hanggan, kinakailangan na may isang pagbabayad-salang gawin, at kung hindi, ang buong sangkatauhan ay tiyak na hindi makaiiwas na masawi; oo, lahat ay naging matigas; oo, lahat ay [c]nahulog at nangaligaw, at tiyak na masasawi maliban sa pamamagitan ng pagbabayad-sala na kinakailangang maisagawa.

10 Sapagkat kinakailangang magkaroon ng isang dakila at huling [a]hain; oo, hindi isang paghahain ng tao, ni ng hayop, ni ng anumang uri ng ibon; sapagkat hindi ito magiging hain ng tao; kundi kinakailangan na ito'y isang [b]walang katapusan at walang hanggang [c]hain.

11 Ngayon, walang sinumang taong makapaghahain ng kanyang sariling dugo na magbabayad-sala para sa mga kasalanan ng iba. Ngayon, kung ang isang tao ay pumaslang, masdan ang atin bang batas, na [a]makatarungan, ay kukunin ang buhay ng kanyang kapatid? Sinasabi ko sa inyo, Hindi.

12 Ngunit hinihingi ng batas ang buhay niya na [a]pumaslang; anupa't walang anumang bagay na kukulangin sa walang hanggang pagbabayad-sala ang makasasapat para sa mga kasalanan ng sanlibutan.

13 Kaya nga, kinakailangang magkaroon ng isang dakila at huling hain, at kung magkagayon ay magkakaroon, o kapakipakinabang na magkaroon, ng [a]pagtigil ng pagbuhos ng dugo; at sa gayon ang mga [b]batas ni Moises ay matutupad; oo, ito ay matutupad na lahat, bawat tuldok at kudlit, at walang anumang mawawala.

14 At masdan, ito ang buong [a]kahulugan ng [b]batas, bawat mumunting bahagi ay nakatuon sa yaong dakila at huling [c]hain; at yaong dakila at huling hain ay ang Anak ng Diyos, oo, walang katapusan at walang hanggan.

15 At sa gayon siya magdadala ng [a]kaligtasan sa lahat ng yaong maniniwala sa kanyang pangalan, ito ang layunin ng huling haing ito, upang mada-

8*b* GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala.
9*a* Alma 33:22.
*b* Alma 12:22–33; Moi. 6:62.
*c* GBK Pagkahulog nina Adan at Eva.
10*a* Moi. 5:6–7.
*b* 2 Ne. 9:7.
*c* GBK Hain.
11*a* Deut. 24:16; Mos. 29:25.
12*a* GBK Mabigat na Kaparusahan; Pagpaslang.
13*a* 3 Ne. 9:17, 19–20.
*b* 3 Ne. 15:5.
14*a* Alma 30:3.
*b* GBK Batas ni Moises, Mga.
*c* D at T 138:35.
15*a* GBK Kaligtasan.

la ang mga sisidlan ng awa, na nangingibabaw sa katarungan, at nagbibigay ng daan sa mga tao upang sila ay magkaroon ng pananampalataya tungo sa pagsisisi.
16 At sa gayon mabibigyang-kasiyahan ng [a]awa ang hinihingi ng [b]katarungan, at yayakapin sila ng mga bisig ng kaligtasan, samantalang siya na hindi magkakaroon ng pananampalataya tungo sa pagsisisi ay nakalantad sa buong batas na hinihingi ng [c]katarungan; anupa't siya lamang na may pananampalataya tungo sa pagsisisi ang madadala sa dakila at walang hanggang [d]plano ng pagtubos.
17 Kaya nga, ipagkaloob nawa sa inyo ng Diyos, mga kapatid ko, na kayo ay magsimulang magkaroon ng [a]pananampalataya tungo sa pagsisisi, upang kayo ay magsimulang [b]manawagan sa kanyang banal na pangalan, upang siya ay maawa sa inyo;
18 Oo, magsumamo sa kanya ng awa; sapagkat may kapangyarihan siya na makapagligtas.
19 Oo, magpakumbaba ng inyong sarili, at magpatuloy ng pagdalangin sa kanya.
20 Magsumamo kayo sa kanya kung kayo ay nasa inyong mga bukid, oo, para sa lahat ng inyong mga kawan.
21 [a]Magsumamo kayo sa kanya sa inyong mga tahanan, oo, para sa buong sambahayan ninyo; maging umaga, tanghali, at gabi.
22 Oo, magsumamo kayo sa kanya laban sa kapangyarihan ng inyong mga kaaway.
23 Oo, [a]magsumamo kayo sa kanya laban sa [b]diyablo, na siyang kaaway ng lahat ng [c]kabutihan.
24 Magsumamo kayo sa kanya para sa mga pananim ng inyong mga bukid, upang kayo ay umunlad sa mga yaon.
25 Magsumamo kayo para sa mga kawan ng inyong mga bukid upang sila ay dumami.
26 Ngunit hindi lamang ito; kailangan ninyong ibuhos ang inyong mga kaluluwa sa inyong mga [a]silid, at sa inyong mga lihim na lugar, at sa inyong mga ilang.
27 Oo, at kung hindi kayo nagsusumamo sa Panginoon, hayaan na ang inyong mga [a]puso ay [b]mapuspos, patuloy na lumalapit sa panalangin sa kanya para sa inyong kapakanan, at para rin sa kapakanan nila na nasa paligid ninyo.
28 At ngayon masdan, mga minamahal kong kapatid, sinasabi ko sa inyo, huwag ninyong akalain na ito na ang lahat; sapagkat matapos ninyong magawa ang lahat ng bagay na ito, kung inyong tatalikuran ang

16*a* GBK Awa, Maawain.
*b* GBK Katarungan.
*c* Alma 12:32.
*d* GBK Plano ng Pagtubos.
17*a* GBK Pananampalataya.
*b* GBK Panalangin.
21*a* Awit 5:1–3; 3 Ne. 18:21.
23*a* 3 Ne. 18:15, 18.
*b* GBK Diyablo.
*c* GBK Matwid, Katwiran.
26*a* Mat. 6:5–6.
27*a* GBK Puso.
*b* GBK Pagbulay-bulay.

mga [a]nangangailangan, at ang hubad, at hindi ninyo dinadalaw ang may karamdaman at naghihirap, at [b]ibahagi ang inyong kabuhayan, kung kayo ay mayroon, sa mga yaong nangangailangan—sinasabi ko sa inyo, kung hindi ninyo gagawin ang alinman sa mga bagay na ito, masdan, ang inyong mga [c]panalangin ay [d]walang kabuluhan, at wala kayong pakikinabangan, at kayo ay kagaya ng mga mapagkunwari na itinatatwa ang relihiyon.
29 Kaya nga, kung hindi ninyo pakatatandaan na maging [a]mapagmahal sa kapwa, kayo ay katulad ng taing bakal, na itinapon ng naglalantay (ito bilang walang halaga) at niyayapakan sa ilalim ng mga paa ng tao.
30 At ngayon, aking mga kapatid, nais ko, na matapos kayong makatanggap ng napakaraming saksi, nakikita na ang mga banal na kasulatan ay nagpapatotoo sa mga bagay na ito, kayo ay lumapit at mamunga ng [a]bunga ng pagsisisi.
31 Oo, nais ko na kayo ay lumapit at huwag nang patigasin pa ang inyong mga puso; sapagkat masdan, ngayon na ang panahon at ang [a]araw ng inyong kaligtasan; at kaya nga, kung kayo ay magsisisi at hindi patitigasin ang inyong mga puso, kapagdaka ang dakilang plano ng pagtubos ay madadala sa inyo.
32 Sapagkat masdan, ang buhay na ito ang panahon para sa mga tao na [a]maghanda sa pagharap sa Diyos; oo, masdan, ang araw ng buhay na ito ang araw para sa mga tao na gampanan ang kanilang mga gawain.
33 At ngayon, kagaya ng sinabi ko sa inyo noon, sapagkat mayroon kayong napakaraming saksi, kaya nga, ako ay sumasamo sa inyo na huwag ninyong [a]ipagpaliban ang araw ng inyong [b]pagsisisi hanggang sa wakas; sapagkat pagkatapos ng araw na ito ng buhay, na ibinigay sa atin upang maghanda para sa kawalang-hanggan, masdan, kung hindi natin pagbubutihin ang ating panahon habang nasa buhay na ito, kung magkagayon ay darating ang [c]gabi ng [d]kadiliman kung saan ay maaaring wala nang gawaing magagawa.
34 Hindi ninyo maaaring sabihin, kapag kayo ay dinala sa yaong kakila-kilabot na [a]kagipitan, na ako ay magsisisi, na ako ay babalik sa aking Diyos. Hindi, hindi ninyo maaaring sabihin ito; sapagkat yaon ding espiritu na nag-aangkin sa inyong mga katawan sa panahon na kayo ay pumanaw sa buhay na ito,

28*a* GBK Maralita.
*b* GBK Limos, Paglilimos.
*c* Mat. 15:7–8.
*d* Moro. 7:6–8.
29*a* GBK Pag-ibig sa Kapwa-tao.
30*a* Mat. 3:8; Alma 13:13.
31*a* Rom. 13:11–12.
32*a* 2 Ne. 2:21; Alma 12:24; 42:4–6.
33*a* Hel. 13:38; D at T 45:2.
*b* GBK Magsisi, Pagsisisi.
*c* Juan 9:4; D at T 45:17.
*d* GBK Kadiliman, Espirituwal na; Kamatayan, Espirituwal na.
34*a* Alma 40:13–14.

yaon ding espiritung yaon ang may kapangyarihan na angkinin ang inyong katawan sa walang hanggang daigdig na yaon.
35 Sapagkat masdan, kung inyong ipinagpaliban ang araw ng inyong pagsisisi magpahanggang sa kamatayan, masdan, kayo ay [a]napasakop sa espiritu ng diyablo, at [b]tatatakan niya kayo na kanya; anupa't ang Espiritu ng Panginoon ay lumisan sa inyo, at walang puwang sa inyo, at ang diyablo ay may buong kapangyarihan sa inyo; at ito ang pangwakas na kalagayan ng masasama.
36 At ito ay alam ko, sapagkat sinabi ng Panginoon na hindi siya tumatahan sa mga [a]hindi banal na templo, kundi sa mga puso ng [b]mabubuti siya tumatahan; oo, at sinabi rin niya na ang mabubuti ay mauupo sa kanyang kaharian, upang hindi na muling lumabas pa; kundi ang kanilang mga kasuotan ay gagawing maputi sa pamamagitan ng dugo ng Kordero.
37 At ngayon, mga minamahal kong kapatid, hinihiling kong inyong tandaan ang mga bagay na ito, at [a]isagawa ninyo ang inyong kaligtasan nang may takot sa harapan ng Diyos, at hindi na ninyo itatatwa pa ang pagparito ni Cristo;
38 At huwag na kayong [a]makipagtalo pa laban sa Espiritu Santo, kundi inyong tanggapin ito, at taglayin ninyo ang [b]pangalan ni Cristo; at kayo ay magpakumbaba ng inyong sarili maging hanggang sa alabok, at [c]sambahin ang Diyos, saan mang lugar kayo naroroon, sa espiritu at sa katotohanan; at kayo ay mabuhay na [d]nagpapasalamat araw-araw, sa maraming awa at pagpapalang ipinagkaloob niya sa inyo.
39 Oo, at pinapayuhan ko rin kayo, mga kapatid ko, na inyong [a]pangalagaang patuloy na manalangin, upang kayo ay hindi padala sa mga [b]tukso ng diyablo, nang hindi niya kayo madaig, upang hindi niya kayo maging mga sakop sa huling araw; sapagkat masdan, kayo ay gagantimpalaan niya ng [c]hindi mabuting bagay.
40 At ngayon mga minamahal kong kapatid, pinapayuhan ko kayo na magkaroon ng [a]pagtitiyaga, at kayo ay magtiis sa lahat ng uri ng paghihirap; na kayo ay huwag [b]manlait laban doon sa mga nagtaboy sa inyo dahil sa inyong labis na kahirapan, at baka kayo ay maging mga makasalanang katulad nila;
41 Kundi kayo ay magkaroon ng pagtitiyaga, at tiisin ang mga paghihirap na yaon, nang may matatag na pag-asa na kayo ba-

35*a* 2 Ne. 28:19–23.
*b* 2 Ne. 9:9.
36*a* Mos. 2:37; Alma 7:21; Hel. 4:24.
*b* GBK Matwid, Katwiran.
37*a* Fil. 2:12.
38*a* GBK Kaguluhan.
*b* Mos. 5:8; Alma 5:38.
*c* GBK Pagsamba.
*d* Awit 69:30; D at T 59:7. GBK Salamat, Nagpapasalamat, Pasasalamat.
39*a* GBK Magbantay, Mga Tagabantay.
*b* GBK Tukso, Panunukso.
*c* Alma 30:60.
40*a* GBK Tiyaga.
*b* D at T 31:9.

lang araw ay mamamahinga sa
lahat ng inyong mga paghihi-
rap.

## KABANATA 35

*Winasak ng pangangaral ng salita ang katusuhan ng mga Zoramita—Pinaalis nila ang mga nagbalik-loob, na pagkatapos ay mga nakiisa sa mga tao ni Ammon sa Jerson—Si Alma ay nalungkot dahil sa kasamaan ng mga tao. Mga 74 B.C.*

Ngayon ito ay nangyari na,
nang matapos si Amulek sa mga
salitang ito, inilayo nila ang ka-
nilang sarili sa maraming tao at
nagtungo sa lupain ng Jerson.
2 Oo, at ang iba pa sa mga
magkakapatid, matapos nilang
ipangaral ang salita sa mga
Zoramita, ay nagtungo rin sa
lupain ng Jerson.
3 At ito ay nangyari na, na
matapos na ang higit na kila-
lang bahagi ng mga Zoramita
ay sama-samang nagsangguni-
an hinggil sa mga salitang ipina-
ngaral sa kanila, sila ay nagalit
dahil sa salita, sapagkat winasak
nito ang kanilang [a]katusuhan;
anupa't sila ay tumangging ma-
kinig sa mga salita.
4 At sila ay nagpasabi at sama-
samang tinipon ang lahat ng tao
sa lahat ng dako ng buong lu-
pain, at nakipagsanggunian sa
kanila hinggil sa mga salitang
sinabi.
5 Ngayon, ang kanilang mga
tagapamahala at kanilang mga
saserdote at kanilang mga guro
ay hindi hinayaang malaman
ng mga tao ang hinggil sa kani-
lang mga hangarin; samakat-
wid nalaman nila nang palihim
ang mga iniisip ng lahat ng tao.
6 At ito ay nangyari na, na ma-
tapos nilang malaman ang mga
iniisip ng lahat ng tao, na yaong
mga sumasang-ayon sa mga sa-
litang sinabi ni Alma at ng kan-
yang mga kapatid ay itinaboy
palabas ng lupain; at sila ay ma-
rami; at sila ay nagtungo rin sa
lupain ng Jerson.
7 At ito ay nangyari na, na na-
ngaral sa kanila si Alma at ang
kanyang mga kapatid.
8 Ngayon, ang mga tao ng mga
Zoramita ay nagalit sa mga tao
ni Ammon na nasa Jerson, at
ang punong tagapamahala ng
mga Zoramita, sapagkat napa-
kasamang tao, ay nagpasabi sa
mga tao ni Ammon na hinihi-
ling sa kanila na itaboy nilang
palabas ng kanilang lupain ang
lahat ng yaong nagtungo sa ka-
nilang lupain mula sa kanila.
9 At nangusap siya ng mara-
ming pananakot laban sa kani-
la. At ngayon, ang mga tao ni
Ammon ay hindi natakot sa ka-
nilang mga salita; anupa't hindi
nila sila itinaboy palabas, bag-
kus ay tinanggap nila ang lahat
ng maralita ng mga Zoramita
na nagtungo sa kanila; at [a]inala-
gaan sila, at dinamitan sila, at
binigyan sila ng mga lupain na
kanilang mana; at kanilang pi-
naglingkuran sila alinsunod sa
kanilang mga kakulangan.
10 Ngayon pinukaw nito ang

**35** 3*a* GBK Huwad na Pagkasaserdote.
9*a* Mos. 4:26. GBK Kapakanan.

mga Zoramita na magalit laban
sa mga tao ni Ammon, at sila ay
nagsimulang sumama sa mga
Lamanita at pukawin din silang
magalit laban sa kanila.
11 At sa gayon ang mga Zo-
ramita at ang mga Lamanita
ay nagsimulang maghanda para
sa digmaan laban sa mga tao ni
Ammon, at laban din sa mga
Nephita.
12 At sa gayon nagtapos ang
ikalabimpitong taon ng panu-
nungkulan ng mga hukom sa
mga tao ni Nephi.
13 At nilisan ng mga tao ni
Ammon ang lupain ng Jerson,
at nagtungo sa lupain ng Melek,
at nagbigay-daan sa lupain ng
Jerson sa mga hukbo ng mga
Nephita, upang sila ay maki-
paglaban sa mga hukbo ng mga
Lamanita at sa mga hukbo ng
mga Zoramita; at sa gayon nag-
simula ang isang digmaan sa
pagitan ng mga Lamanita at ng
mga Nephita, sa ikalabingwa-
long taon ng panunungkulan
ng mga hukom; at isang [a]ulat ng
kanilang mga digmaan ang ibi-
bigay pagkaraan nito.
14 At sina Alma at Ammon, at
ang kanilang mga kapatid, at
gayon din ang dalawang anak
na lalaki ni Alma ay nagsibalik
sa lupain ng Zarahemla, mata-
pos na maging mga kasangka-
pan sa mga kamay ng Diyos sa
pagdadala ng [a]marami sa mga
Zoramita sa pagsisisi; at kasin-
dami ng nadala sa pagsisisi ay
itinaboy palabas ng kanilang
lupain; subalit sila ay nagkaro-
on ng mga lupain na kanilang
mana sa lupain ng Jerson, at sila
ay humawak ng mga sandata
upang ipagtanggol ang kanilang
sarili, at kanilang mga asawa, at
anak, at kanilang mga lupain.
15 Ngayon, si Alma, nagdada-
lamhati dahil sa kasamaan ng
kanyang mga tao, oo, dahil sa
mga digmaan, at sa mga pagda-
nak ng dugo, at sa mga alitan
na nasa kanila; at matapos na
maipahayag ang salita, o nagpa-
siyang ipahayag ang salita, sa
lahat ng tao sa lahat ng lunsod;
at nakikitang ang mga puso
ng mga tao ay nagsimulang
maging matitigas, at na nagsi-
mula silang [a]magdamdam da-
hil sa kahigpitan ng salita, na
ang kanyang puso ay labis na
nalungkot.
16 Samakatwid, kanyang pina-
pangyaring sama-samang tipu-
nin ang kanyang mga anak na
lalaki, upang maibigay niya sa
bawat isa sa kanila ang kani-
kanyang [a]tungkulin, nang mag-
kakahiwalay, hinggil sa mga ba-
gay na nauukol sa kabutihan. At
kami ay may ulat ng kanyang
mga kautusan, na ibinigay niya
sa kanila ayon sa kanyang sari-
ling talaan.

---

Ang mga kautusan ni Alma sa kanyang anak na si Helaman.

*Binubuo ng mga kabanata 36 at 37.*

---

13*a* Alma 43:3.
14*a* Alma 35:6.
15*a* GBK Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan.
16*a* GBK Katiwala, Ipinagkatiwala.

## KABANATA 36

*Si Alma ay nagpatotoo kay Helaman tungkol sa kanyang pagbabalik-loob matapos makakita ng isang anghel—Pinagdusahan niya ang mga pasakit ng isang isinumpang kaluluwa; tinawag niya ang pangalan ni Jesus, at pagkatapos ay isinilang sa Diyos—Matamis na kagalakan ang pumuspos sa kanyang kaluluwa—Siya ay nakakita ng lipumpon ng mga anghel na pumupuri sa Diyos—Maraming nagbalik-loob ang nakatikim at nakakita ng tulad ng natikman at nakita niya. Mga 74* B.C.

[a]ANAK kong lalaki, pakinggan ang aking mga salita; sapagkat ipinangangako ko sa iyo, na habang sinusunod mo ang mga kautusan ng Diyos ikaw ay uunlad sa lupain.
2 Nais kong gawin mo ang tulad ng ginawa ko, sa pag-aalaala sa pagkabihag ng ating mga ama; sapagkat sila ay nasa [a]pagkaalipin, at walang sinumang makapagpapalaya sa kanila maliban sa [b]Diyos ni Abraham, at sa Diyos ni Isaac, at sa Diyos ni Jacob; at tunay na kanyang hinango sila sa kanilang mga paghihirap.
3 At ngayon, O anak kong Helaman, masdan, ikaw ay nasa iyong kabataan, at kaya nga, nagsusumamo ako sa iyo na pakinggan mo ang aking mga salita at matuto sa akin; sapagkat nalalaman ko na sino man ang magbibigay ng kanyang tiwala sa Diyos ay tutulungan sa kanilang mga [a]pagsubok, at kanilang mga suliranin, at kanilang mga paghihirap, at [b]dadakilain sa huling araw.
4 At hindi ko nais na isipin mong [a]nalalaman ko ito para sa aking sarili—hindi sa temporal kundi sa espirituwal, hindi sa [b]makamundong kaisipan kundi sa Diyos.
5 Ngayon, masdan, sinasabi ko sa iyo, kung hindi ako [a]isinilang sa Diyos ay [b]hindi ko sana nalaman ang mga bagay na ito; subalit ipinahintulot ng Diyos, sa pamamagitan ng bibig ng kanyang banal na anghel, na ipaalam ang mga bagay na ito sa akin, hindi dahil sa [c]karapat-dapat ang aking sarili;
6 Sapagkat naglakbay akong kasama ang mga anak na lalaki ni Mosias, naghahangad na [a]wasakin ang simbahan ng Diyos; subalit masdan, isinugo ng Diyos ang kanyang banal na anghel upang pigilin kami sa daraanan.
7 At masdan, siya ay nangusap sa amin, tulad ng tinig ng kulog, at ang buong lupa ay [a]nayanig sa ilalim ng aming mga paa; at

**36** 1*a* Hel. 5:9–14.
2*a* Mos. 23:23; 24:17–21.
*b* Ex. 3:6; Alma 29:11.
3*a* Rom. 8:28.
*b* Mos. 23:21–22.
4*a* 1 Cor. 2:11; Alma 5:45–46. GBK Kaalaman.
*b* GBK Makamundo.
5*a* GBK Isilang na Muli, Isinilang sa Diyos.
*b* Alma 26:21–22.
*c* GBK Karapat-dapat, Pagiging Karapat-dapat.
6*a* Mos. 27:10.
7*a* Mos. 27:18.

kaming lahat ay nalugmok sa
lupa, sapagkat ang [b]takot sa Pa-
nginoon ay nanaig sa amin.
8 Subalit masdan, sinabi ng ti-
nig sa akin: Bumangon. At bu-
mangon ako at tumayo, at na-
masdan ang anghel.
9 At sinabi niya sa akin: Kung
ikaw sa iyong sarili ay mama-
matay, huwag nang hangarin
pang wasakin ang simbahan ng
Diyos.
10 At ito ay nangyari na, na
ako ay nalugmok sa lupa; at ito
ay sa loob ng [a]tatlong araw at
tatlong gabi na hindi ko naibuka
ang aking bibig, ni ang nagamit
ko ang aking mga paa.
11 At ang anghel ay nangusap
pa ng maraming bagay sa akin,
na narinig ng aking mga kapa-
tid, subalit hindi ko narinig ang
mga ito; sapagkat nang marinig
ko ang mga salitang—Kung
ikaw sa iyong sarili ay mama-
matay, huwag nang hangarin
pang wasakin ang simbahan ng
Diyos—ako ay nakadama ng
malaking takot at panggigilalas
na baka ako'y mamatay, kung
kaya't ako ay nalugmok sa lupa
at wala na akong narinig pa.
12 Subalit ako ay giniyagis ng
[a]walang hanggang pagdurusa,
sapagkat ang kaluluwa ko'y si-
naktan sa pinakamasidhing sa-
kit at giniyagis ng lahat ng aking
kasalanan.
13 Oo, naalaala ko ang lahat ng
aking kasalanan at mga kasama-
an, kung saan ako'y [a]pinarusa-
han ng mga pasakit ng impi-
yerno; oo, nakita ko na ako'y
naghimagsik laban sa aking
Diyos, at na hindi ko sinunod
ang kanyang mga banal na ka-
utusan.
14 Oo, at pinaslang ko ang ma-
rami sa kanyang mga anak, o sa
madaling salita, inakay silang
palayo tungo sa pagkawasak;
oo, at sa lalong maliwanag na-
ging labis ang aking kasamaan,
na ang isipin lamang na magtu-
ngo sa kinaroroonan ng aking
Diyos ay giniyagis ang aking ka-
luluwa ng hindi maipaliwanag
na masidhing takot.
15 O, naisip ko, kung [a]maa-
ari lamang na ako ay itakwil at
mawasak kapwa kaluluwa at
katawan, upang hindi ako ma-
dalang tumayo sa harapan ng
aking Diyos, upang hatulan sa
aking mga [b]gawa.
16 At ngayon, sa loob ng tat-
long araw at tatlong gabi ako
ay giniyagis, maging ng mga
pasakit ng isang [a]isinumpang
kaluluwa.
17 At ito ay nangyari na, na
habang ako'y nasa gayong pag-
giyagis ng pagdurusa, saman-
talang ako'y [a]sinasaktan ng ala-
ala ng marami kong kasalanan,
masdan, naalaala ko ring nari-
nig ang aking ama na nagprope-
siya sa mga tao hinggil sa pag-
parito ng isang Jesucristo, isang
Anak ng Diyos, na magbabà-
yad-sala para sa mga kasalanan
ng sanlibutan.

7*b* GBK Takot—Takot sa Diyos.
10*a* Mos. 27:19–23.
12*a* D at T 19:11–15.
13*a* GBK Pagkakasala.
15*a* Apoc. 6:15–17; Alma 12:14.
*b* Alma 41:3; D at T 1:9–10.
16*a* GBK Kapahamakan.
17*a* 2 Cor. 7:10.

18 Ngayon, nang maapuhap ng aking isipan ang kaisipang ito, nagsumamo ako sa aking puso: O Jesus, ikaw na Anak ng Diyos, kaawaan ako, na [a]nasa kasukdulan ng kapaitan, at napalilibutan ng walang hanggang [b]tanikala ng kamatayan.

19 At ngayon, masdan, nang maisip ko ito, hindi ko na naalaala pa ang aking mga pasakit; oo, hindi na ako [a]sinaktan pa ng alaala ng aking mga kasalanan.

20 At o, anong [a]galak, at anong kagila-gilalas na liwanag ang namasdan ko; oo, ang kaluluwa ko'y napuspos ng kagalakan na kasingsidhi ng aking pasakit!

21 Oo, sinasabi ko sa iyo, anak ko, na walang ano mang bagay ang kasinghapdi at kasingpait ng aking mga pasakit. Oo, at muli sinasabi ko sa iyo, anak ko, na sa kabilang dako, walang ano mang bagay ang kasingganda at kasingtamis ng aking kagalakan.

22 Oo, inakala kong nakita ko, maging tulad ng nakita ng ating amang si [a]Lehi, ang Diyos na nakaupo sa kanyang trono, napaliligiran ng di mabilang na lipumpon ng mga anghel, nasa ayos ng pag-awit at pagpupuri sa kanilang Diyos; oo, at ang aking kaluluwa ay nag-asam na maparoon.

23 Subalit masdan, muling nanumbalik sa aking mga paa ang kanilang [a]lakas, at tumayo ako sa aking mga paa, at ipinahayag sa mga tao na ako ay [b]isinilang sa Diyos.

24 Oo, at magmula noon maging hanggang sa ngayon, ako'y gumawa nang walang tigil, upang makapagdala ako ng mga kaluluwa tungo sa pagsisisi; upang sila'y madala ko na [a]makatikim ng labis na kagalakan na aking natikman; upang sila rin ay isilang sa Diyos, at [b]mapuspos ng Espiritu Santo.

25 Oo, at ngayon masdan, O anak ko, binigyan ako ng Panginoon ng labis na kagalakan sa bunga ng aking mga pagpapagal;

26 Sapagkat dahil sa [a]salitang ibinahagi niya sa akin, masdan, marami ang isinilang sa Diyos, at nakatikim tulad ng natikman ko, at nakakita nang mata sa mata tulad ng nakita ko; anupa't nalalaman nila ang mga bagay na ito na sinasabi ko, tulad ng pagkaalam ko; at ang kaalamang taglay ko ay sa Diyos.

27 At ako'y tinulungan sa ilalim ng mga pagsubok at suliranin ng lahat ng uri, oo, at sa lahat ng uri ng paghihirap; oo, pinalaya ako ng Diyos mula sa bilangguan, at mula sa mga gapos, at mula sa kamatayan; oo, at ibinibigay ko ang aking tiwala sa kanya, at ako'y patuloy niyang [a]ililigtas.

---

18*a* IE sa matinding panggigiyagis.
*b* 2 Ne. 9:45; 28:22; Alma 12:11; Moi. 7:26.
19*a* GBK Pagkakasala.
20*a* GBK Kagalakan.
22*a* 1 Ne. 1:8.
23*a* Moi. 1:10.
*b* Alma 5:14. GBK Isilang na Muli, Isinilang sa Diyos.
24*a* 1 Ne. 8:12; Mos. 4:11.
*b* 2 Ne. 32:5; 3 Ne. 9:20. GBK Espiritu Santo.
26*a* Alma 31:5.
27*a* Awit 34:17.

28 At nalalaman ko na ako'y
kanyang [a]ibabangon sa huling
araw, upang manahanang kasa-
ma niya sa [b]kaluwalhatian; oo,
at pupurihin ko siya magpaka-
ilanman, sapagkat [c]inilabas niya
ang ating mga ama sa Egipto, at
ipinalamon niya ang mga [d]taga-
Egipto sa Dagat na Pula; at kan-
yang inakay sila ng kanyang ka-
pangyarihan tungo sa lupang
pangako; oo, at kanyang pina-
laya sila mula sa pagkaalipin at
pagkabihag sa pana-panahon.
29 Oo, at inilabas din niya
ang ating mga ama sa lupain
ng Jerusalem; at pinalaya rin
niya sila, sa pamamagitan ng
kanyang walang hanggang ka-
pangyarihan, sa [a]pagkaalipin at
pagkabihag, sa pana-panahon,
maging hanggang sa ngayon;
at parati kong pinananatili sa
aking alaala ang kanilang na-
ging pagkabihag; oo, nararapat
mo ring panatilihin sa alaala,
tulad ng ginawa ko, ang kani-
lang naging pagkabihag.
30 Subalit masdan, anak ko,
hindi lamang ito; sapagkat na-
rarapat mong malaman na tu-
lad ko, na [a]habang sinusunod
mo ang mga kautusan ng Diyos
ikaw ay uunlad sa lupain; at
nararapat mo ring malaman, na
habang hindi mo sinusunod ang
mga kautusan ng Diyos ikaw ay
itatakwil mula sa kanyang ha-
rapan. Ngayon, ito ay ayon sa
kanyang salita.

## KABANATA 37

*Ang mga laminang tanso at iba pang mga banal na kasulatan ay pinangalagaan upang madala ang mga tao sa kaligtasan—Ang mga Jaredita ay nalipol dahil sa kanilang kasamaan—Ang kanilang mga lihim na sumpa at tipan ay kinakailangang itago mula sa mga tao—Makipagsanggunian sa Panginoon sa lahat ng iyong gawain—Tulad ng Liahona na gumabay sa mga Nephita, gayon din ang salita ni Cristo ay umaakay sa mga tao sa buhay na walang hanggan. Mga 74 B.C.*

AT ngayon, anak kong Hela-
man, inuutusan kitang kunin
mo ang mga [a]talaang [b]ipinag-
katiwala sa akin;
2 At inuutusan din kita na
mag-ingat ng isang talaan ng
mga taong ito, tulad ng ginawa
ko, sa mga lamina ni Nephi, at
panatilihing banal ang lahat ng
bagay na ito na aking ininga-
tan, maging tulad ng pag-iingat
ko sa mga ito; sapagkat ang
mga ito ay iniingatan para sa
isang [a]matalinong layunin.
3 At ang mga [a]laminang tan-
song ito, na naglalaman ng mga
inukit na ito, na naglalaman ng
mga talaan ng mga banal na ka-
sulatan sa mga yaon, na naglala-
man ng talaangkanan ng ating
mga ninuno, maging mula pa
sa simula—

28*a* 3 Ne. 15:1.
*b* GBK Kaluwalhatian.
*c* Ex. 12:51.
*d* Ex. 14:26–27.
29*a* Mos. 24:17; 27:16; Alma 5:5–6.
30*a* 2 Ne. 1:9–11; Alma 50:19–22.
**37** 1*a* Alma 45:2–8.
*b* Mos. 28:20.
2*a* Enos 1:13–18; S ni M 1:6–11; Alma 37:9–12.
3*a* 1 Ne. 5:10–19. GBK Laminang Tanso, Mga.

4 Masdan, iprinopesiya ng ating mga ama, na ang mga ito ay iingatan at ipapasa-pasa sa bawat sali't salinlahi, at iingatan at pangangalagaan ng kamay ng Panginoon hanggang sa ang mga ito ay maipahayag sa lahat ng bansa, lahi, wika, at tao, upang malaman nila ang mga [a]hiwagang nilalaman niyon.

5 At ngayon masdan, kung iingatan ang mga ito ay kinakailangang mapanatili nito ang kanilang kinang; oo, at mapananatili ng mga ito ang kanilang kinang; oo, at gayon din ang lahat ng laminang naglalaman ng yaong banal na kasulatan.

6 Ngayon, maaaring akalain mo na ito ay [a]kahangalan sa akin; subalit masdan sinasabi ko sa iyo, na sa pamamagitan ng [b]maliliit at mga karaniwang bagay ay naisasakatuparan ang mga dakilang bagay; at sa maliliit na pamamaraan sa maraming pagkakataon ay lumilito sa marurunong.

7 At ang Panginoong Diyos ay nagsasagawa ng mga [a]pamamaraan upang isakatuparan ang kanyang dakila at mga walang hanggang layunin; at sa pamamagitan ng [b]napakaliit na pamamaraan ay nililito ng Panginoon ang marurunong at isinasakatuparan ang kaligtasan ng maraming tao.

8 At ngayon, sa simula pa ay karunungan na ito sa Diyos na ang mga bagay na ito ay pangalagaan; sapagkat masdan, [a]pinalawak ng mga ito ang kaalaman ng mga taong ito, oo, at napaniwala ang marami sa kamalian ng kanilang mga gawain, at sila'y dinala sa kaalaman ng kanilang Diyos tungo sa kaligtasan ng kanilang mga kaluluwa.

9 Oo, sinasabi ko sa iyo, [a]kung hindi dahil sa mga bagay na ito na nilalaman ng mga talaang ito, na nasa mga laminang ito, ay hindi sana [b]napaniwala ni Ammon at ng kanyang mga kapatid ang napakaraming libu-libo sa mga Lamanita sa kamalian ng kaugalian ng kanilang mga ama; oo, ang mga talaang ito at ang mga [c]salita nito ang nagdala sa kanila sa pagsisisi; ibig sabihin, sila ay dinala ng mga ito sa kaalaman ng Panginoon nilang Diyos, at upang magsaya kay Jesucristo na kanilang Manunubos.

10 At sino ang nakaaalam na hindi sila ang magiging daan sa pagdadala ng napakaraming libu-libo sa kanila, oo, at marami rin sa libu-libo nating mga kapatid na matitigas ang leeg, ang mga Nephita, na ngayon ay pinatitigas ang kanilang mga puso sa kasalanan at mga kasamaan, sa kaalaman ng kanilang Manunubos?

11 Ngayon, ang mga hiwagang ito ay hindi pa ganap na ipinaalam sa akin; kaya nga, ako ay magpipigil.

4*a* GBK Hiwaga ng Diyos, Mga.
6*a* 1 Cor. 2:14.
*b* 1 Ne. 16:28–29; D at T 64:33; 123:15–17.
7*a* Is. 55:8–9.
*b* 2 Hari 5:1–14.
8*a* 2 Tim. 3:15–17; Mos. 1:3–5.
9*a* Mos. 1:5.
*b* Alma 18:36; 22:12.
*c* GBK Ebanghelyo.

12 At makasasapat na kung sasabihin ko lamang na ang mga ito ay pinangangalagaan dahil sa isang matalinong layunin, kung aling layunin ay nalalaman ng Diyos; sapagkat siya ay [a]nagpapayo sa karunungan sa lahat ng kanyang nilikha, at ang kanyang mga landas ay tuwid, at ang kanyang mga hakbangin ay [b]isang walang hanggang pag-ikot.
13 O pakatandaan, pakatandaan, anak kong Helaman, kung gaano [a]kahigpit ang mga kautusan ng Diyos. At sinabi niya: [b]Kung susundin ninyo ang aking mga kautusan kayo ay [c]uunlad sa lupain—subalit kung hindi ninyo susundin ang kanyang mga kautusan kayo ay itatakwil mula sa kanyang harapan.
14 At ngayon tandaan, anak ko, na [a]ipinagkatiwala ng Diyos sa iyo ang mga bagay na ito, na mga [b]banal, na pinanatili niyang banal, at kanya ring iingatan at pangangalagaan para sa isang [c]matalinong layunin sa kanya, upang maipakita niya ang kanyang kapangyarihan sa mga darating na salinlahi.
15 At ngayon masdan, sinasabi ko sa iyo sa pamamagitan ng diwa ng propesiya, na kung ikaw ay lalabag sa mga kautusan ng Diyos, masdan, ang mga banal na bagay na ito ay kukunin mula sa iyo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, at ipauubaya ka kay Satanas, upang salain ka niya na tulad ng ipa sa hangin.
16 Subalit kung susundin mo ang mga kautusan ng Diyos, at gawin sa mga banal na bagay na ito ang naaalinsunod sa iniutos sa iyo ng Panginoon, (sapagkat kinakailangan kang magsumamo sa Panginoon para sa lahat ng bagay ano man ang kinakailangan mong gawin sa mga ito) masdan, walang kapangyarihan sa lupa o impiyerno ang [a]makakukuha sa mga ito mula sa iyo, sapagkat ang Diyos ay makapangyarihan tungo sa katuparan ng lahat ng kanyang salita.
17 Sapagkat tutuparin niya ang lahat ng kanyang pangako na gagawin niya sa iyo, sapagkat tinupad niya ang kanyang mga pangakong ginawa niya sa ating mga ama.
18 Sapagkat siya ay nangako sa kanila na kanyang [a]pangangalagaan ang mga bagay na ito para sa isang matalinong layunin sa kanya, upang maipakita niya ang kanyang kapangyarihan sa mga darating na salinlahi.
19 At ngayon masdan, isang layunin ang tinupad na niya, maging sa pagpapanumbalik sa [a]maraming libu-libong Lamanita sa kaalaman ng katotohanan; at ipinakita niya ang kan-

12*a* 2 Ne. 9:28; Jac. 4:10.
*b* 1 Ne. 10:19; Alma 7:20.
13*a* 2 Ne. 9:41.
*b* Alma 9:13; 3 Ne. 5:22.
*c* Mos. 1:7; Alma 50:20.
14*a* D at T 3:5.
*b* GBK Banal (pang-uri).
*c* 1 Ne. 9:3–6.
16*a* JS—K 1:59.
18*a* D at T 5:9.
19*a* Alma 23:5.

yang kapangyarihan sa kanila, at kanya pa ring ipakikita ang kanyang kapangyarihan sa kanila hanggang sa mga [b]darating na salinlahi; anupa't ang mga ito ay pangangalagaan.

20 Kaya nga inuutos ko sa iyo, anak kong Helaman, na maging masigasig ka sa pagtupad sa lahat ng aking mga salita, at na maging masigasig ka sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos na tulad ng nasusulat.

21 At ngayon, mangungusap ako sa iyo hinggil sa mga yaong [a]dalawampu't apat na lamina, na ingatan mo ang mga ito, upang ang mga hiwaga at ang mga gawain ng kadiliman, at kanilang mga [b]lihim na gawain, o ang mga lihim na gawain ng mga yaong taong nalipol, ay maipaalam sa mga taong ito; oo, lahat ng kanilang pagpaslang, at panloloob, at kanilang mga pandarambong, at lahat ng kanilang mga kasamaan at karumal-dumal na gawain, ay maipaalam sa mga taong ito; oo, at na pangalagaan mo ang mga kasangkapang ito ng [c]pagsasalin.

22 Sapagkat masdan, nakita ng Panginoon na ang kanyang mga tao ay nagsisimulang gumawa sa kadiliman, oo, gumagawa ng mga lihim na pagpaslang at karumal-dumal na gawain; kung kaya nga't sinabi ng Panginoon, kung hindi sila magsisisi sila'y lilipulin mula sa balat ng lupa.

23 At sinabi ng Panginoon: Ihahanda ko para sa aking lingkod na si Gaselim, ang isang [a]bato, na kikinang sa kadiliman tungo sa liwanag, upang maisiwalat ko sa aking mga tao na naglilingkod sa akin, upang maisiwalat ko sa kanila ang mga gawain ng kanilang mga kapatid, oo, ang kanilang mga lihim na gawain, ang kanilang mga gawain ng kadiliman, ang kanilang kasamaan at mga karumal-dumal na gawain.

24 At ngayon, anak ko, ang mga kasangkapang ito sa pagsasalin ay inihanda upang ang salita ng Diyos ay matupad, na sinabi niya, sinasabing:

25 [a]Ilalabas ko sa kadiliman tungo sa liwanag ang lahat ng kanilang mga lihim na gawain at kanilang karumal-dumal na gawain; at maliban kung sila'y magsisisi na [b]lilipulin ko sila mula sa balat ng lupa; at dadalhin ko sa liwanag ang lahat ng kanilang mga lihim at karumal-dumal na gawain, sa lahat ng bansa na magmula ngayon ay magmamay-ari ng lupain.

26 At ngayon, anak ko, nakikita natin na hindi sila nagsisi; kung kaya nga't nalipol sila, at sa gayon ang salita ng Diyos ay natupad; oo, ang kanilang mga lihim na karumal-dumal na gawain ay inilabas sa kadiliman at ipinaalam sa atin.

27 At ngayon, anak ko, iniuutos ko sa iyong ilihim mo ang lahat ng kanilang mga sumpa-

19*b* Enos 1:13; Morm. 7:8–10.
21*a* Eter 1:1–5.
*b* GBK Lihim na Pagsasabwatan, Mga.
*c* GBK Urim at Tummim.
23*a* Mos. 8:13.
25*a* D at T 88:108–110.
*b* Mos. 21:26.

an, at kanilang mga tipan, at ka-
nilang mga kasunduan sa kani-
lang mga lihim na karumal-
dumal na gawain; oo, at lahat ng
kanilang [a]senyas at kanilang
mga kababalaghan ay ilihim mo
mula sa mga taong ito, upang
hindi nila malaman ang mga ito,
na baka sila ay masadlak din sa
kadiliman at malipol.
28 Sapagkat masdan, may
[a]sumpa sa buong lupaing ito,
na ang pagkalipol ay sasapit sa
lahat ng yaong manggagawa
ng kadiliman, alinsunod sa ka-
pangyarihan ng Diyos, kapag
sila ay ganap nang hinog; sa-
makatwid nais ko na ang mga
taong ito ay hindi malipol.
29 Kaya nga ililihim mo ang
mga lihim na plano na ito ng
kanilang mga [a]sumpa at tipan
mula sa mga taong ito, at yaon
lamang kanilang kasamaan at
kanilang mga pagpaslang at
kanilang mga karumal-dumal
na gawain ang iyong ipaaalam
sa kanila; at turuan mo silang
[b]mapoot sa mga gayong kasa-
maan at mga karumal-dumal na
gawain at pagpaslang; at ituturo
mo rin sa kanila na ang mga ta-
ong ito ay nalipol dahil sa kani-
lang kasamaan at mga karumal-
dumal na gawain at kanilang
mga pagpaslang.
30 Sapagkat masdan, kanilang
pinaslang ang lahat ng propeta
ng Panginoon na dumating sa
kanila upang ipahayag sa kanila
ang hinggil sa kanilang mga
kasamaan; at ang dugo ng mga
yaong kanilang pinaslang ay
dumaing sa Panginoon nilang
Diyos upang maghiganti sa mga
yaong kanilang mamamatay; at
sa gayon ang mga kahatulan ng
Diyos ay sumapit sa mga mang-
gagawang ito ng kadiliman at li-
him na pagsasabwatan.
31 Oo, at sumpain nawa ang
lupain magpakailanman sa mga
yaong manggagawa ng kadili-
man at sa mga lihim na pagsa-
sabwatan, maging hanggang sa
pagkalipol, maliban kung sila
ay magsisisi bago sila ganap na
mahinog.
32 At ngayon, anak ko, tanda-
an ang mga salitang sinabi ko sa
iyo; huwag ipagkatiwala yaong
mga lihim na plano sa mga ta-
ong ito, sa halip ituro sa kanila
ang walang hanggang [a]pagka-
poot laban sa kasalanan at ka-
samaan.
33 [a]Ipangaral sa kanila ang
pagsisisi, at pananampalataya
sa Panginoong Jesucristo; turu-
an silang magpakumbaba ng ka-
nilang sarili at maging [b]maamo
at mapagpakumbaba sa puso;
turuan silang paglabanan ang
bawat [c]tukso ng diyablo sa pa-
mamagitan ng kanilang pana-
nampalataya sa Panginoong
Jesucristo.
34 Turuan silang kailanma'y
huwag manghinawa sa mabu-
buting gawa, kundi maging ma-
amo at magpakumbaba sa puso;
sapagkat ang gayon ay maka-

27*a* Hel. 6:22.
28*a* Alma 45:16; Eter 2:7–12.
29*a* Hel. 6:25.
*b* Alma 13:12.
32*a* 2 Ne. 4:31.
33*a* GBK Mangaral.
*b* GBK Maamo, Kaamuan.
*c* GBK Tukso, Panunukso.

susumpong ng [a]kapahingahan
sa kanilang mga kaluluwa.
35 O, pakatandaan, anak ko,
at matuto ng [a]karunungan sa
iyong kabataan; oo, matuto sa
iyong kabataan na sumunod sa
mga kautusan ng Diyos.
36 Oo, at [a]magsumamo sa
Diyos para sa lahat ng iyong
pangangailangan; oo, hayaang
ang lahat ng iyong gawain ay
para sa Panginoon, at saan ka
man magtungo ay hayaang sa
Panginoon; oo, lahat ng iyong
nasasaisip ay ituon sa Pangino-
on; oo, ang pagmamahal sa
iyong puso ay mapasa-Pangino-
on magpakailanman.
37 [a]Makipagsanggunian sa
Panginoon sa lahat ng iyong
mga gawain, at gagabayan ka
niya sa kabutihan; oo, kapag
ikaw ay nahiga sa gabi, mahiga
sa Panginoon, upang mabanta-
yan ka niya sa iyong pagtulog;
at kapag ikaw ay bumangon
sa umaga hayaang ang iyong
puso ay mapuspos ng [b]pasasa-
lamat sa Diyos; at kung ga-
gawin mo ang mga bagay na
ito, ikaw ay dadakilain sa hu-
ling araw.
38 At ngayon, anak ko, ako ay
may sasabihin kahit paano hing-
gil sa bagay na tinatawag ng
ating mga ama na isang bola, o
tagagabay—o kung tawagin ito
ng ating mga ama ay [a]Liahona,
na sa pagkakasalin, ay isang
aguhon; at inihanda ito ng Pa-
nginoon.
39 At masdan, walang sino
mang tao ang maaaring maka-
gawa alinsunod sa kahanga-
hangang pagkakagawa nito. At
masdan, ito ay inihanda upang
ipakita sa ating mga ama ang
daan kung saan sila nararapat
maglakbay sa ilang.
40 At kumilos ito para sa kani-
la alinsunod sa kanilang [a]pana-
nampalataya sa Diyos; kaya
nga, kung sila ay may pana-
nampalatayang maniwala na
magagawa ng Diyos na ipaturo
sa yaong mga ikiran ang daan
na kanilang nararapat patungu-
han, masdan, ito'y naganap;
anupa't taglay nila ang hima-
lang ito, at marami pa ring hi-
mala ang naisagawa sa pama-
magitan ng kapangyarihan ng
Diyos, sa araw-araw.
41 Gayon pa man, dahil sa mga
yaong himalang nagawa sa [a]ma-
liit na pamamaraan na nagpaki-
ta ito sa kanila ng mga naka-
panggigilalas na gawain. Sila ay
naging mga tamad, at nakalimot
na pairalin ang kanilang pana-
nampalataya at pagiging masi-
gasig at sa gayon tumigil yaong
nakapanggigilalas na gawain, at
hindi sila sumulong sa kanilang
paglalakbay;
42 Kaya nga, sila ay namalagi
sa ilang, o hindi nakapaglak-
bay sa isang tuwid na daan, at
nagdanas ng gutom at uhaw,
dahil sa kanilang mga pagka-
kasala.
43 At ngayon, anak ko, nais

34*a* Awit 37:4–7;
Mat. 11:28–30.
35*a* GBK Karunungan.
36*a* GBK Panalangin.
37*a* Jac. 4:10;
D at T 3:4.
*b* D at T 46:32.
38*a* 1 Ne. 16:10; 18:12;
D at T 17:1.
40*a* 1 Ne. 16:28.
41*a* Alma 37:6–7.

kong maunawaan mo na ang mga bagay na ito ay hindi sa walang kahalintulad; sapagkat yayamang naging tamad ang ating mga ama sa pagbibigay-pansin sa aguhong ito (ngayon, ang mga bagay na ito ay temporal) sila ay hindi umunlad; maging sa mga bagay na espirituwal.

44 Sapagkat masdan, kasindali ng pagbibigay-pansin sa [a]salita ni Cristo, na magtuturo sa iyo sa tuwid na daan patungo sa walang hanggang kaligayahan, gayon din para sa ating mga ama na bigyang-pansin ang aguhong ito, na nagturo sa kanila sa tuwid na daan patungo sa lupang pangako.

45 At ngayon sinasabi ko, hindi ba't may pagkakahalintulad sa mga bagay na ito? Sapagkat kasintiyak na inakay ng tagagabay na ito ang ating mga ama, sa pamamagitan ng pagsunod sa pagkilos nito, patungo sa lupang pangako, na ang mga salita ni Cristo, kung susundin natin ang mga aral nito, ay dadalhin tayo sa kabila nitong lambak ng kalungkutan tungo sa higit na mainam na lupang pangako.

46 O anak ko, huwag tayong maging mga [a]tamad dahil sa kadalian ng [b]daan; sapagkat gayon din ito sa ating mga ama; sapagkat sa gayon ito inihanda para sa kanila, na kung sila ay titingin ay [c]mabubuhay sila; gayon din ito sa atin. Ang daan ay inihanda, at kung tayo ay titingin maaari tayong mabuhay magpakailanman.

47 At ngayon, anak ko, tiyaking pangangalagaan mo ang mga banal na bagay na ito, oo, tiyaking aasa ka sa Diyos at mabubuhay. Humayo sa mga taong ito at ipahayag ang salita, at maging mahinahon. Anak ko, paalam.

---

Ang mga kautusan ni Alma sa kanyang anak na si Siblon.

*Binubuo ng kabanata 38.*

## KABANATA 38

*Si Siblon ay inusig dahil sa kabutihan—Ang kaligtasan ay na kay Cristo, na siyang buhay at ilaw ng sanlibutan—Pigilin ang lahat ng inyong silakbo ng damdamin. Mga 74 B.C.*

ANAK ko, pakinggan ang aking mga salita, sapagkat sinasabi ko sa iyo, maging tulad ng sinabi ko kay Helaman, na habang sinusunod mo ang mga kautusan ng Diyos ikaw ay uunlad sa lupain; at habang hindi mo sinusunod ang mga kautusan ng Diyos ikaw ay itatakwil mula sa kanyang harapan.

2 At ngayon, anak ko, ako ay nagtitiwalang magkakaroon ako ng labis na kagalakan sa iyo, dahil sa iyong katatagan at iyong katapatan sa Diyos; sapagkat nang magsimula kang umasa sa Panginoon mong Diyos sa iyong kabataan, maging sa ako'y uma-

44*a* Awit 119:105; 1 Ne. 11:25; Hel. 3:29–30.
46*a* 1 Ne. 17:40–41.
*b* Juan 14:5–6; 2 Ne. 9:41; 31:17–21; D at T 132:22, 25.
*c* Juan 11:25; Hel. 8:15; 3 Ne. 15:9.

asang [a]magpapatuloy ka sa pagsunod sa kanyang mga kautusan; sapagkat pinagpala siya na [b]makapagtitiis hanggang sa katapusan.

3 Sinasabi ko sa iyo, anak ko, na ako ay nagkaroon na ng labis na kagalakan sa iyo, dahil sa iyong katapatan at iyong pagkamasigasig, at iyong tiyaga at iyong mahabang pagtitiis sa mga tao ng mga [a]Zoramita.

4 Sapagkat nalalaman kong ikaw ay iginapos; oo, at nalalaman ko ring pinagbabato ka dahil sa salita; at tiniis mo ang lahat ng bagay na ito nang may [a]pagtitiyaga dahil sa [b]kasama mo ang Panginoon; at ngayon nalalaman mong iniligtas ka ng Panginoon.

5 At ngayon anak ko, Siblon, nais kong pakatandaan mo, na habang ibinibigay mo ang iyong lubos na [a]tiwala sa Diyos ikaw ay [b]maliligtas mula sa iyong mga pagsubok, at iyong mga [c]suliranin, at iyong mga paghihirap, at dadakilain ka sa huling araw.

6 Ngayon, anak ko, hindi ko nais na isipin mong nalalaman ko ang mga bagay na ito para sa aking sarili, kundi ito ang Espiritu ng Diyos na nasa akin na siyang nagbigay-alam ng mga bagay na ito sa akin; sapagkat kung hindi ako [a]isinilang sa Diyos ay hindi ko sana nalaman ang mga bagay na ito.

7 Subalit masdan, ang Panginoon sa kanyang dakilang awa ay isinugo ang kanyang [a]anghel upang ipahayag sa akin na kailangang itigil ko ang gawain ng [b]pangwawasak sa kanyang mga tao; oo, at nakakita ako ng isang anghel nang harapharapan, at siya ay nakipagusap sa akin, at ang kanyang tinig ay tulad sa kulog, at niyanig nito ang buong lupa.

8 At ito ay nangyari na, na ako'y tatlong araw at tatlong gabing nasa pinakamapait na sakit at pagdurusa ng kaluluwa; at hindi kailanman, hanggang sa humingi ako ng awa sa Panginoong Jesucristo, na nakatanggap ako ng [a]kapatawaran sa aking mga kasalanan. Subalit masdan, nagsumamo ako sa kanya at natagpuan ko ang kapayapaan sa aking kaluluwa.

9 At ngayon, anak ko, ito ay sinabi ko sa iyo upang ikaw ay matuto ng karunungan, nang matuto ka sa akin na [a]walang ibang daan o pamamaraan upang maligtas ang tao, tanging kay at sa pamamagitan ni Cristo. Masdan, siya ang buhay at ang [b]ilaw ng sanlibutan. Masdan, siya ang salita ng katotohanan at kabutihan.

10 At ngayon, sapagkat nagsi-

**38** 2*a* Alma 63:1–2.
*b* 2 Ne. 31:15–20; 3 Ne. 15:9; 27:6, 16–17.
3*a* Alma 31:7.
4*a* GBK Tiyaga.
*b* Rom. 8:35–39.
5*a* Alma 36:27. GBK Pagtitiwala.
*b* Mat. 11:28–30.
*c* D at T 3:8; 121:7–8.
6*a* Alma 36:26; D at T 5:16. GBK Isilang na Muli, Isinilang sa Diyos.
7*a* Mos. 27:11–17.
*b* Alma 26:17–18; 36:6–11.
8*a* GBK Kapatawaran ng mga Kasalanan.
9*a* Hel. 5:9.
*b* Mos. 16:9.

mula ka nang ituro ang salita
maging sa nais kong magpatu-
loy ka sa pagtuturo; at nais kong
maging masigasig at mahina-
hon ka sa lahat ng bagay.
11 Tiyaking hindi ka inaangat
sa kapalaluan; oo, tiyaking hin-
di ka [a]nagmamalaki sa iyong sa-
riling karunungan, ni sa iyong
labis na lakas.
12 Gumamit ng katapangan,
subalit hindi mapanupil; at ti-
yakin ding pigilin ang lahat
ng iyong silakbo ng damda-
min; upang mapuspos ka ng
pagmamahal; tiyaking nagpi-
pigil ka mula sa katamaran.
13 Huwag manalanging tulad
ng ginagawa ng mga Zoramita,
sapagkat nakita mong sila ay
nananalangin upang marinig
ng mga tao, at purihin dahil sa
kanilang karunungan.
14 Huwag sabihin: O Diyos,
ako ay nagpapasalamat sa inyo
na [a]higit kaming mabubuti kay-
sa sa aming mga kapatid; kundi
sabihin: O Panginoon, patawa-
rin ang aking pagiging [b]hindi
karapat-dapat, at alalahaning
kaawaan ang aking mga kapa-
tid—oo, kilalanin ang iyong
pagiging hindi karapat-dapat
sa harapan ng Diyos sa lahat ng
panahon.
15 At nawa'y pagpalain ng Pa-
nginoon ang iyong kaluluwa, at
tanggapin ka sa huling araw sa
kanyang kaharian, upang umu-
po sa kapayapaan. Ngayon hu-
mayo, anak ko, at ituro ang sa-
lita sa mga taong ito. Maging
mahinahon. Anak ko, paalam.

Ang mga kautusan ni Alma sa kanyang anak na si Corianton.

*Binubuo ng mga kabanata 39 hanggang 42 na pinagsama-sama.*

## KABANATA 39

*Ang kasalanang seksuwal ay karumal-dumal—Ang mga kasalanan ni Corianton ang humadlang sa mga Zoramita na tanggapin ang salita—Ang pagtubos ni Cristo ay may bisa sa nakaraan sa pagliligtas sa matatapat na nangauna rito. Mga 74 B.C.*

AT ngayon, aking anak na lala-
ki, kahit paano, ako ay may higit
pang sasabihin sa iyo, kaysa sa
sinabi ko sa iyong kapatid; sa-
pagkat masdan, hindi mo ba na-
puna ang katatagan ng iyong
kapatid, ang kanyang katapa-
tan, at ang kanyang pagsusu-
migasig sa pagsunod sa mga ka-
utusan ng Diyos? Masdan, siya
ba ay hindi nagbigay ng ma-
gandang halimbawa sa iyo?
2 Sapagkat hindi mo binig-
yan ng higit na pansin ang
aking mga salita, kagaya ng
iyong kapatid, sa mga tao ng
mga [a]Zoramita. Ngayon, ito
ang nasasaloob ko laban sa iyo;
ikaw ay patuloy na nagmama-
laki sa iyong lakas at sa iyong
karunungan.
3 At hindi lamang ito, anak
ko, iyong ginawa yaong naka-
sasakit sa akin, sapagkat iyong
tinalikuran ang ministeryo, at
nagtungo sa lupain ng Siron sa

11*a* GBK Kapalaluan.
14*a* Alma 31:16.
*b* Lu. 18:10–14.
**39** 2*a* Alma 38:3.

mga hangganan ng mga Lamanita sa pagsunod sa [a]patutot na si Isabel.

4 Oo, kanyang [a]naakit ang mga puso ng marami; ngunit ito ay hindi sapat na dahilan para sa iyo, anak ko. Dapat na nagsilbi ka sa ministeryo na siyang ipinagkatiwala sa iyo.

5 Hindi mo ba alam, anak ko, na [a]ang mga bagay na ito ay karumal-dumal sa paningin ng Panginoon; oo, pinakakarumal-dumal sa lahat ng kasalanan maliban sa pagpapadanak ng dugo ng walang malay o sa pagtatatwa sa Espiritu Santo?

6 Sapagkat masdan, kung iyong [a]itatatwa ang Espiritu Santo na minsan ay nagkaroon ng puwang sa iyo, at alam mong itinatwa mo ito, masdan, ito ay isang kasalanang [b]walang kapatawaran; oo, at ang sinumang pumaslang na salungat sa liwanag at kaalamang ibinigay ng Diyos, hindi magiging madali para sa kanya ang magkamit ng [c]kapatawaran; oo, sinasabi ko sa iyo, aking anak, na hindi madali para sa kanya ang makatanggap ng kapatawaran.

7 At ngayon, anak ko, hinihiling ko sa Diyos na ikaw ay hindi sana [a]nagkasala ng gayong kabigat na kasalanan. Hindi ko tutukuyin ang iyong mabibigat na kasalanan upang saktan ang iyong kaluluwa, kung ito ay hindi para sa iyong ikabubuti.

8 Ngunit masdan, hindi mo maaaring itago ang iyong mabibigat na kasalanan sa Diyos; at maliban kung ikaw ay magsisisi, ang mga ito ay tatayo bilang patotoo laban sa iyo sa huling araw.

9 Ngayon anak ko, nais ko na ikaw ay magsisisi at talikuran ang iyong mga kasalanan, at huwag nang sundin pa ang [a]pagnanasa ng iyong mga mata, kundi [b]pigilin mo ang iyong sarili sa mga bagay na ito; sapagkat maliban kung gagawin mo ito ay hindi ka sa ano mang paraan magmamana ng kaharian ng Diyos. O, pakatandaan, at iyong isaloob, at pigilin ang iyong sarili sa lahat ng bagay na ito.

10 At iniuutos ko sa iyo na iyong isaloob na sumangguni sa iyong mga nakatatandang kapatid sa iyong mga gawain; sapagkat masdan, ikaw ay nasa iyong kabataan, at ikaw ay nangangailangang alagaan ng iyong mga kapatid. At makinig ka sa kanilang mga payo.

11 Huwag pahintulutan ang iyong sarili na maakay sa anumang walang halaga o hangal na bagay; huwag pahintulutan na ang diyablo ay muling akayin ang iyong puso na humabol doon sa masasamang patutot. Masdan, o anak ko, anong laking kasamaan ang dinala mo sa mga [a]Zoramita; sapagkat nang makita nila ang

3*a* GBK Mahalay, Kahalayan.
4*a* Kaw. 7:6–27.
5*a* GBK Seksuwal na Imoralidad.
6*a* D at T 76:35–36.
*b* GBK Walang Kapatawarang Kasalanan.
*c* D at T 64:10. GBK Magpatawad.
7*a* GBK Pagkakasala.
9*a* GBK Makamundo.
*b* 3 Ne. 12:30.
11*a* Alma 35:2–14.

iyong [b]inaasal ay hindi sila na-
niwala sa aking mga salita.
12 At ngayon, ang Espiritu ng
Panginoon ay nagsalita sa akin:
[a]Utusan ang iyong mga anak na
gumawa ng mabuti, at baka ma-
akay nila ang mga puso ng ma-
raming tao sa pagkawasak; kaya
nga, iniuutos ko sa iyo, anak ko,
nang may takot sa Diyos, na
ikaw ay tumigil sa iyong mga
kasamaan;
13 Na ikaw ay bumaling sa
Panginoon nang buo mong
pag-iisip, kakayahan at lakas;
na huwag mo nang akayin
pa ang puso ng sinuman na gu-
mawa ng kasamaan; sa halip,
ikaw ay bumalik sa kanila, at
[a]kilalanin ang iyong mga pag-
kakasala at kamaliang iyong
nagawa.
14 Huwag kang [a]maghangad
ng kayamanan ni ng mga wa-
lang kabuluhang bagay ng da-
igdig na ito; sapagkat masdan,
hindi mo ito madadala.
15 At ngayon, anak ko, may-
roon akong sasabihin sa iyo
kahit paano hinggil sa pagpa-
rito ni Cristo. Masdan, sinasa-
bi ko sa iyo, na siya ang yaong
tiyak na paparito upang alisin
ang mga kasalanan ng sanlibu-
tan; oo, siya ay paparito upang
ipahayag ang masayang balita
ng kaligtasan sa kanyang mga
tao.
16 At ngayon, anak ko, ito ang
ministeryo kung saan ka tina-
wag, ang ipahayag ang masa-
sayang balitang ito sa mga ta-
ong ito, upang ihanda ang ka-
nilang mga isipan; o sa lalong
maliwanag, upang ang kaligta-
san ay mapasakanila, upang
kanilang maihanda ang mga
isipan ng kanilang mga [a]anak
na pakinggan ang salita sa pa-
nahon ng kanyang pagparito.
17 At ngayon pagagaanin ko
kahit paano ang iyong isipan sa
paksang ito. Masdan, ikaw ay
nagtataka kung bakit ang mga
bagay na ito ay kailangang ipa-
alam nang napakaaga sa simu-
la pa man. Masdan, sinasabi ko
sa iyo, hindi ba't ang isang ka-
luluwa sa panahong ito ay ka-
singhalaga sa Diyos kagaya rin
ng isang kaluluwa sa panahon
ng kanyang pagparito?
18 Hindi ba't kasingkailangan
din na ang plano ng pagtubos
ay maipaalam sa mga taong ito
gayon din sa kanilang mga
anak?
19 Hindi ba't kasindali rin sa
panahong ito para sa Pangino-
on na isugo ang kanyang ang-
hel upang ipahayag ang masa-
yang balitang ito sa atin gayon
din sa ating mga anak, o kaga-
ya rin sa panahon ng kanyang
pagparito?

## KABANATA 40

*Pinapangyari ni Cristo ang pagka-buhay na mag-uli ng lahat ng tao*

11*b* Rom. 2:21–23; 14:13; Alma 4:11.
12*a* GBK Kautusan ng Diyos, Mga; Turuan, Guro.
13*a* Mos. 27:34–35.
14*a* Mat. 6:25–34; Jac. 2:18–19; D at T 6:6–7; 68:31–32.
16*a* GBK Mag-anak—Mga tungkulin ng mga magulang.

*—Ang mabubuting namatay ay magtutungo sa paraiso at ang masasama ay sa labas na kadiliman upang maghintay sa araw ng kanilang pagkabuhay na mag-uli—Lahat ng bagay ay manunumbalik sa kanilang wasto at ganap na anyo sa Pagkabuhay na mag-uli. Mga 74 B.C.*

Ngayon, anak ko, narito ang
ilan pa sa nais kong sabihin sa
iyo; sapagkat nahihiwatigan ko
na ang iyong isip ay nababahala
hinggil sa pagkabuhay na mag-
uli ng mga patay.
2 Masdan, sinasabi ko sa iyo,
na walang pagkabuhay na mag-
uli—o, ang ibig kong sabihin, sa
ibang salita, na ang may kama-
tayang buhay na ito ay hindi
mabibihisan ng [a]kawalang-ka-
matayan, ang may kabulukan
ay hindi [b]mabibihisan ng wa-
lang kabulukan—[c]hanggang sa
sumapit ang pagparito ni Cristo.
3 Masdan, kanyang pinapang-
yari ang [a]pagkabuhay na mag-
uli ng mga patay. Ngunit mas-
dan, anak ko, ang pagkabuhay
na mag-uli ay wala pa. Ngayon,
ilalahad ko sa iyo ang isang hi-
waga; gayunman, maraming
[b]hiwaga ang [c]nakatago, at wa-
lang sinuman ang nakaaalam
ng mga ito kundi ang Diyos la-
mang. Ngunit ipaaalam ko sa
iyo ang isang bagay na masiga-
sig kong itinanong sa Diyos
upang aking malaman—yaon
ay hinggil sa pagkabuhay na
mag-uli.
4 Masdan, may isang pana-
hong itinakda na ang lahat ay
[a]babangon mula sa patay. Nga-
yon, kung kailan darating ang
panahong ito, walang sinuman
ang nakaaalam; subalit alam ng
Diyos ang panahong itinakda.
5 Ngayon, kung magkakaroon
man ng isang pagkakataon, o
[a]pangalawang pagkakataon, o
pangatlong pagkakataon, na
ang mga tao ay magbabangon
mula sa patay, ito ay hindi na
mahalaga; sapagkat [b]nalalaman
ng Diyos ang lahat ng bagay na
ito; at sapat na sa akin ang mala-
mang ganito ang mangyayari—
na may isang panahong itinak-
da na ang lahat ay magbaba-
ngon mula sa patay.
6 Ngayon, kailangang may ag-
wat sa pagitan ng panahon ng
kamatayan at sa panahon ng
pagkabuhay na mag-uli.
7 At ngayon, ako ay magtata-
nong kung ano ang mangyayari
sa mga [a]kaluluwa ng tao mula
sa panahon ng kamatayan hang-
gang sa panahong itinakda para
sa pagkabuhay na mag-uli?
8 Ngayon, kung mayroon
mang mahigit sa isang pagka-
kataong itinakda para sa mga
tao na bumangon, ito ay hindi

**40** 2*a* Mos. 16:10–13. GBK Kawalang-kamatayan, Walang Kamatayan.
*b* 1 Cor. 15:53–54.
*c* 1 Cor. 15:20.
3*a* GBK Pagkabuhay na Mag-uli.
*b* GBK Hiwaga ng Diyos, Mga.
*c* D at T 25:4; 124:41.
4*a* Juan 5:28–29.
5*a* Mos. 26:24–25; D at T 43:18; 76:85.
*b* GBK Diyos, Panguluhang Diyos.
7*a* Alma 40:21; D at T 138. GBK Kaluluwa.

na mahalaga; sapagkat ang la-
hat ay hindi mamamatay nang
sabay-sabay, at ito ay hindi na
mahalaga; ang lahat ay isang
araw sa Diyos, at ang panahon
ay sa tao lamang sinusukat.
9 Samakatwid, may isang pa-
nahong itinakda sa mga tao na
sila ay babangon mula sa pa-
tay; at may isang agwat sa pa-
gitan ng panahon ng kamata-
yan at ng pagkabuhay na mag-
uli. At ngayon, hinggil dito sa
agwat ng panahon, kung ano
ang mangyayari sa mga kalu-
luwa ng tao ang bagay na aking
masigasig na itinanong sa Pa-
nginoon upang malaman; at ito
ang bagay na aking nalalaman.
10 At kapag dumating ang pa-
nahon na ang lahat ay baba-
ngon, at saka nila malalaman
na ang Diyos ang nakaaalam sa
lahat ng [a]panahong itinakda sa
tao.
11 Ngayon, hinggil sa kalaga-
yan ng kaluluwa sa pagitan ng
[a]kamatayan at ng pagkabuhay
na mag-uli—Masdan, ipinaa-
lam sa akin ng isang anghel, na
ang espiritu ng lahat ng tao
matapos na sila ay lumisan sa
katawang mortal na ito, oo, ang
espiritu ng lahat ng tao, maging
sila man ay mabuti o masama,
ay dadalhin [b]pabalik sa Diyos
na sa kanila ay nagbigay-buhay.
12 At sa gayon ito ay mangya-
yari na ang mga espiritu ng ya-
ong mabubuti ay tatanggapin
sa kalagayan ng [a]kaligayahan,
na tinatawag na [b]paraiso, isang
kalagayan ng [c]pamamahinga,
isang kalagayan ng [d]kapayapa-
an, kung saan sila ay mamama-
hinga mula sa kanilang mga su-
liranin at sa lahat ng alalahanin
at kalungkutan.
13 At sa gayon, ito ay mang-
yayari na ang mga espiritu ng
makasalanan, oo, yaong masa-
sama—sapagkat masdan, sila
ay walang bahagi o kahati sa
Espiritu ng Panginoon; sapag-
kat masdan, pinili nila ang ma-
sasamang gawain sa halip na
mabuti; anupa't ang espiritu
ng diyablo ay pumasok sa ka-
nila, at inangkin ang kanilang
tahanan—at sila ay itatapon sa
labas na [a]kadiliman; at magka-
karoon ng [b]pagtangis, at panag-
hoy, at pagngangalit ng mga
ngipin, at ito ay dahil sa kani-
lang sariling kasamaan, palib-
hasa'y naakay sa pagkabihag ng
kagustuhan ng diyablo.
14 Ngayon, ito ang kalagayan
ng mga kaluluwa ng [a]masasa-
ma, oo, sa kadiliman, at isang
kalagayang kakila-kilabot, [b]na-
hihintakutan ang anyo dahil
sa nag-aapoy na pagngingit-
ngit ng poot ng Diyos sa kanila;
sa gayon sila mamamalagi sa
ganitong [c]kalagayan, gayundin
ang mabubuti sa paraiso, hang-
gang sa panahon ng kanilang
pagkabuhay na mag-uli.
15 Ngayon, may ilan na ang

10*a* Gawa 17:26.
11*a* Lu. 16:22–26; 1 Ped. 3:18–19; 4:6; D at T 76:71–74; 138.
*b* Ec. 12:7; 2 Ne. 9:38.
12*a* GBK Kagalakan.
*b* GBK Paraiso.
*c* GBK Kapahingahan.
*d* D at T 45:46. GBK Kapayapaan.
13*a* GBK Impiyerno.
*b* Mat. 8:12; Mos. 16:2.
14*a* D at T 138:20.
*b* Jac. 6:13; Moi. 7:1.
*c* Alma 34:34.

pagkakaunawa na itong kalagayan ng kaligayahan at itong kalagayan ng kalungkutan ng kaluluwa, bago ang pagkabuhay na mag-uli, ang siyang unang pagkabuhay na mag-uli. Oo, inaamin ko na ito ay maaaring taguriang pagkabuhay na mag-uli, ang pagbabangon ng espiritu o ng kaluluwa at ang kanilang pagkakatalaga sa kaligayahan o kalungkutan, ayon sa mga salitang winika.
16 At masdan, muli ito ang winika, na may [a]unang [b]pagkabuhay na mag-uli, isang pagkabuhay na mag-uli ng lahat ng nabuhay na noon, o ng mga nabubuhay ngayon, o ng mga mabubuhay pa lamang hanggang sa pagkabuhay na mag-uli ni Cristo mula sa patay.
17 Ngayon, hindi natin ipinalalagay na itong unang pagkabuhay na mag-uli, na winika sa ganitong paraan, ay maaaring ang pagkabuhay na mag-uli ng mga kaluluwa at ang kanilang [a]pagkakatalaga sa kaligayahan o kalungkutan. Hindi mo maipalalagay na ito ang ibig sabihin nito.
18 Masdan, sinasabi ko sa iyo, Hindi; ngunit ang ibig sabihin nito ay muling pagsasanib ng kaluluwa sa katawan, ng mga yaong mula pa noong mga araw ni Adan hanggang sa [a]pagkabuhay na mag-uli ni Cristo.
19 Ngayon, kung ang mga kaluluwa at katawan ng mga yaong nabanggit ay muling magsasama kaagad, ang masasama gayundin ang mabubuti, hindi ko sinasabi; maging sapat nang sinabi ko na silang lahat ay magbabangon, o sa ibang salita, ang kanilang pagkabuhay na mag-uli ay mangyayari [a]bago ang pagkabuhay na mag-uli ng mga yaong nangamatay pagkaraan ng pagkabuhay na mag-uli ni Cristo.
20 Ngayon, anak ko, hindi ko sinasabi na ang kanilang pagkabuhay na mag-uli ay darating sa pagkabuhay na mag-uli ni Cristo; ngunit masdan, ibinigay ko ito bilang aking kuru-kuro, na ang mga kaluluwa at katawan ay muling magsasama, ang mabubuti, sa pagkabuhay na mag-uli ni Cristo, at sa kanyang [a]pag-akyat sa langit.
21 Ngunit kung ito ay sa kanyang pagkabuhay na mag-uli o pagkatapos, hindi ko masasabi; kundi ito lamang ang aking masasabi, na may isang [a]agwat sa pagitan ng kamatayan at ng pagkabuhay na mag-uli ng katawan, at ang kalagayan ng kaluluwa sa [b]kaligayahan o sa [c]kalungkutan hanggang sa panahong itinakda ng Diyos na ang mga patay ay magbabangon, at muling magsasama kapwa ang kaluluwa at kata-

16*a* Jac. 4:11; Mos. 15:21–23.
*b* GBK Pagkabuhay na Mag-uli.
17*a* D at T 76:17, 32, 50–51.
18*a* Mat. 27:52–53.
19*a* Mos. 15:26.
20*a* GBK Pag-akyat sa Langit.
21*a* Lu. 23:39–43.
*b* GBK Paraiso.
*c* GBK Impiyerno.

wan, at [d]dadalhin upang tumayo sa harapan ng Diyos, at hahatulan alinsunod sa kanilang mga gawa.
22 Oo, rito mangyayari ang tungkol sa panunumbalik ng lahat ng bagay na sinabi ng mga bibig ng mga propeta.
23 Ang [a]kaluluwa ay [b]magbabalik sa [c]katawan, at ang katawan sa kaluluwa; oo, at bawat biyas at kasu-kasuan ay magbabalik sa kanyang katawan; oo, maging isang buhok sa ulo ay hindi mawawala; kundi lahat ng bagay ay magbabalik sa kanilang wasto at ganap na anyo.
24 At ngayon, anak ko, ito ang panunumbalik na [a]sinabi ng mga bibig ng mga propeta—
25 At sa gayon ang mabubuti ay magniningning sa kaharian ng Diyos.
26 Ngunit masdan, isang kakila-kilabot na [a]kamatayan ang sasapit sa masasama; sapagkat sila ay mamamatay sa mga bagay na nauukol sa mga bagay ng kabutihan; sapagkat sila ay marurumi, at walang [b]maruming bagay ang maaaring magmana ng kaharian ng Diyos; kundi sila ay itatakwil, at itatadhanang makibahagi sa bunga ng kanilang mga pagpapagal at kanilang mga gawa, na naging masama; at kanilang iinumin ang latak sa isang mapait na saro.

## KABANATA 41

*Sa Pagkabuhay na mag-uli, ang mga tao ay babangon sa isang kalagayan ng walang katapusang kaligayahan o walang katapusang kalungkutan—Ang kasamaan ay hindi kailanman kaligayahan—Ang makamundong tao ay walang Diyos sa daigdig—Ang bawat tao ay tatanggaping muli sa panunumbalik ang mga pag-uugali at katangiang natamo sa buhay na may kamatayan. Mga 74 B.C.*

AT ngayon, anak ko, kahit paano ako ay may sasabihin hinggil sa panunumbalik na nasabi na; sapagkat masdan, [a]sinalungat ng iba ang mga banal na kasulatan, at [b]nangaligaw nang labis dahil sa bagay na ito. At nahihiwatigan ko na ang iyong isip ay nabalisa rin hinggil sa bagay na ito. Ngunit masdan, ito ay aking ipaliliwanag sa iyo.
2 Sinasabi ko sa iyo, anak ko, na ang plano ng panunumbalik ay hinihingi ng katarungan ng Diyos; sapagkat kinakailangan na ang lahat ng bagay ay manumbalik sa kanilang wastong kaayusan. Masdan, ito ay kinakailangan at makatarungan, alinsunod sa kapangyarihan at pagkabuhay na mag-uli ni Cristo, na ang kaluluwa ng tao ay manumbalik sa kanyang katawan, at ang bawat [a]bahagi ng

21*d* Alma 42:23.
23*a* IE Espiritu. D at T 88:15–17. GBK Kaluluwa.
*b* 2 Ne. 9:12–13; Alma 11:40–45.
*c* GBK Katawan.
24*a* Is. 26:19.
26*a* 1 Ne. 15:33; Alma 12:16.
*b* Alma 11:37.
**41** 1*a* 2 Ped. 1:20; 3:16; Alma 13:20.
*b* GBK Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan.
2*a* Alma 40:23.

katawan ay manumbalik sa sarili nito.
3 At hinihingi ng [a]katarungan ng Diyos na ang mga tao ay nararapat [b]hatulan alinsunod sa kanilang mga [c]gawa; at kung ang kanilang mga gawa sa buhay na ito ay mabuti, at ang mga pita ng kanilang mga puso ay mabuti, sila rin, sa huling araw, ay [d]manunumbalik doon sa mabuti.
4 At kung ang kanilang mga gawa ay masama, ito ay [a]manunumbalik sa kanila sa masama. Anupa't lahat ng bagay ay manunumbalik sa kanilang wastong kaayusan, bawat bagay sa kanyang likas na anyo—ang may [b]kamatayan ay magbabangon sa kawalang-kamatayan, [c]kabulukan sa walang kabulukan—magbabangon sa [d]walang katapusang kaligayahan upang magmana ng kaharian ng Diyos, o sa walang katapusang kalungkutan upang magmana ng kaharian ng diyablo, ang isa ay sa isang dako, at ang isa ay sa kabila—
5 Ang isa ay magbabangon sa kaligayahan alinsunod sa kanyang pagnanais ng kaligayahan, o kabutihan alinsunod sa kanyang pagnanais sa mabuti; at ang isa pa ay sa masama alinsunod sa kanyang pagnanais sa masama; sapagkat dahil sa siya ay nagnais na gumawa ng masama sa buong araw kung kaya't siya ay magtatamo ng gantimpala na masama pagdating ng gabi.
6 At gayon din ito sa kabilang dako. Kung siya ay nagsisisi ng kanyang mga kasalanan, at nagnais ng kabutihan hanggang sa kanyang huling mga araw, kung magkagayon, siya rin ay gagantimpalaan sa kabutihan.
7 [a]Sila ang mga yaong tinubos ng Panginoon; oo, sila ang mga yaong kinuha, na naligtas mula sa yaong walang katapusang gabi ng kadiliman; at sa gayon sila tatayo o mahuhulog, sapagkat masdan, sila ang kanilang [b]sariling mga hukom, kung gagawa man ng mabuti o gagawa ng masama.
8 Ngayon, ang mga batas ng Diyos ay [a]hindi nababago; samakatwid, ang daan ay nakahanda upang ang sinumang may nais ay maaaring lumakad doon at maligtas.
9 At ngayon masdan, anak ko, huwag nang makipagsapalaran ng [a]isa pang paglabag laban sa iyong Diyos doon sa mga bahaging iyon ng doktrina, na iyo ngayong ipinakipagsapalaran sa paggawa ng kasalanan.
10 Huwag mong ipalagay, dahil sa sinabi ang hinggil sa panunumbalik, na ikaw ay manu-

3*a* gbk Katarungan.
*b* gbk Mananagot, Pananagutan, May Pananagutan; Hatol, Paghatol.
*c* gbk Gawa, Mga.
*d* Hel. 14:31.
4*a* Alma 42:28.
*b* 2 Ne. 9:12–13; D at T 138:17. gbk Pagkabuhay na Mag-uli.
*c* 1 Cor. 15:51–55.
*d* gbk Buhay na Walang Hanggan.
7*a* D at T 76:50–70.
*b* 2 Ne. 2:26; Alma 42:27; Hel. 14:30. gbk Kalayaang Mamili.
8*a* D at T 1:38.
9*a* D at T 42:23–28.

numbalik mula sa kasalanan tungo sa kaligayahan. Masdan, sinasabi ko sa iyo, ang [a]kasamaan ay hindi kailanman kaligayahan.
11 At ngayon, anak ko, lahat ng tao na nasa [a]likas na kalagayan, o ang ibig kong sabihin, sa isang [b]makamundong kalagayan, ay nasa kasukdulan ng kapaitan at nasa mga gapos ng kasamaan; sila ay [c]walang Diyos sa daigdig; at sila ay tumaliwas sa katangian ng Diyos; anupa't sila ay nasa kalagayang taliwas sa likas na kaligayahan.
12 At ngayon masdan, ang kahulugan ba ng salitang panunumbalik ay kunin ang isang bagay na nasa likas na kalagayan at ilagay ito sa isang di likas na kalagayan, o ilagay ito sa isang kalagayang kabaligtaran ng kanyang kalikasan?
13 O, anak ko, hindi gayon ang pangyayari; kundi ang kahulugan ng salitang panunumbalik ay ibalik muli ang masama sa masama, o ang makamundo sa makamundo, o ang maladiyablo sa mala-diyablo—mabait doon sa mabait; mabuti doon sa mabuti; makatarungan doon sa makatarungan; maawain doon sa maawain.
14 Kaya nga, anak ko, tiyaking ikaw ay maawain sa iyong mga kapatid; makitungo nang [a]makatarungan, [b]humatol nang makatwiran, at patuloy na gumawa ng [c]mabuti; at kung gagawin mo ang lahat ng bagay na ito, sa gayon ikaw ay tatanggap ng iyong gantimpala; oo, ang [d]awa ay manunumbalik sa iyong muli; ang katarungan ay manunumbalik sa iyong muli; ang paghatol nang makatwiran ay manunumbalik sa iyong muli; at ang kabutihan ay igagantimpala sa iyong muli.
15 Sapagkat kung ano ang iyong ipinamamahagi ay siyang babalik sa iyong muli, at manunumbalik; anupa't ang salitang panunumbalik ay lubos na sumusumpa sa mga makasalanan, at hinding-hindi siya binibigyang-katwiran.

## KABANATA 42

*Ang buhay na may kamatayan ay isang panahon ng pagsubok upang ang tao ay makapagsisi at makapaglingkod sa Diyos—Ang Pagkahulog ang nagdulot ng temporal at espirituwal na kamatayan sa buong sangkatauhan—Ang pagtubos ay dumarating sa pamamagitan ng pagsisisi—Ang Diyos na rin ang magbabayad-sala para sa mga kasalanan ng sanlibutan—Ang awa ay para roon sa mga nagsisisi—Lahat ng iba pa ay mapaiilalim sa katarungan ng Diyos—Ang awa ay darating dahil sa Pagbabayad-sala—Yaon lamang tunay na nagsisisi ang maliligtas. Mga 74* B.C.

10*a* Awit 32:10; Is. 57:20–21; Hel. 13:38.
11*a* Mos. 3:19. GBK Likas na Tao.
*b* GBK Makamundo.
*c* Ef. 2:12.
14*a* GBK Matapat, Katapatan.
*b* Juan 7:24; D at T 11:12.
*c* D at T 6:13; 58:27–28.
*d* GBK Awa, Maawain.

At ngayon, anak ko, nahihiwatigan ko na kahit paano ay mayroon pang bumabalisa sa iyong isipan, na hindi mo maunawaan—yaong hinggil sa [a]katarungan ng Diyos sa pagpaparusa sa mga makasalanan; sapagkat ipinipilit mong ipalagay na kawalang-katarungan na ang makasalanan ay matalaga sa isang kalagayan ng kalungkutan.

2 Ngayon masdan, anak ko, ipaliliwanag ko sa iyo ang bagay na ito. Sapagkat masdan, matapos na [a]paalisin ng Panginoong Diyos ang ating mga unang magulang sa halamanan ng [b]Eden, upang magbungkal ng lupa kung saan sila ay kinuha—oo, kanyang pinaalis ang tao; at naglagay siya sa dulong silangan ng halamanan ng Eden ng mga [c]querubin, at isang nagniningas na espada na umiikot, upang ingatan ang [d]punungkahoy ng buhay—

3 Ngayon, nakikita natin na ang tao ay naging katulad ng Diyos, nakaaalam ng mabuti at masama; at baka iunat niya ang kanyang kamay, at pumitas din sa punungkahoy ng buhay, at kumain at mabuhay magpakailanman, ang Panginoong Diyos ay naglagay ng mga querubin at ng nagniningas na espada, upang hindi siya makakain ng bunga—

4 At sa gayon ating nakikita na may isang panahong ipinagkaloob sa tao upang magsisi, oo, isang panahon ng [a]pagsubok, isang panahon upang magsisi at maglingkod sa Diyos.

5 Sapagkat masdan, kung iniunat kaagad ni Adan ang kanyang kamay, at kumain sa punungkahoy ng buhay, siya ay maaaring nabuhay magpakailanman, alinsunod sa salita ng Diyos, nang walang puwang sa pagsisisi; oo, at gayon din, ang salita ng Diyos ay mawawalan ng kabuluhan, at ang dakilang plano ng kaligtasan ay mabibigo.

6 Ngunit masdan, itinakda sa tao ang [a]mamatay—kaya nga, sapagkat sila ay inilayo sa punungkahoy ng buhay sila ay nararapat na ihiwalay sa balat ng lupa—at ang tao ay naligaw magpakailanman, oo, sila ay mga taong [b]nahulog.

7 At ngayon, nakikita mo na sa pamamagitan nito ang ating mga unang magulang ay [a]itinakwil kapwa temporal at espirituwal mula sa harapan ng Panginoon; sa gayon nakikita natin na sila ay naging mga nasasakupang sumusunod alinsunod sa kanilang sariling [b]kagustuhan.

8 Ngayon, masdan, hindi kapaki-pakinabang na ang tao ay

**42** 1*a* 2 Ne. 26:7; Mos. 15:26–27. GBK Katarungan.
2*a* Gen. 3:23–24; Moi. 4:28–31.
*b* GBK Eden.
*c* GBK Kerubin, Mga.
*d* Gen. 2:9.
4*a* Alma 34:32–33.
6*a* GBK Kamatayan, Pisikal na.
*b* Mos. 16:3–5. GBK Pagkahulog nina Adan at Eva.
7*a* 2 Ne. 2:5; 9:6; Hel. 14:16. GBK Kamatayan, Espirituwal na.
*b* GBK Kalayaang Mamili.

mabawi mula sa temporal na
kamatayang ito, sapagkat iyon
ay makawawasak sa dakilang
[a]plano ng kaligayahan.
9 Kaya nga, sapagkat ang ka-
luluwa ay hindi maaaring ma-
matay, at ang [a]pagkahulog ay
nagdala sa buong sangkatauhan
ng espirituwal na kamatayan
gayundin ng temporal, ibig sa-
bihin, sila ay itinakwil mula sa
harapan ng Panginoon, kapaki-
pakinabang na ang sangkatau-
han ay mabawi mula sa espiri-
tuwal na kamatayang ito.
10 Samakatwid, sapagkat sila
ay naging mga [a]likas na [b]maka-
mundo, makalaman, at mala-
diyablo, ang kalagayang ito ng
[c]pagsubok ay naging kalagayan
para sa kanila upang maghanda;
ito ay naging isang paghahan-
dang kalagayan.
11 At ngayon tandaan, anak
ko, kung hindi dahil sa plano ng
pagtubos, (isinasaisantabi ito) sa
sandaling sila ay mamatay, ang
kanilang mga kaluluwa ay [a]ma-
lungkot; sapagkat itinakwil
mula sa harapan ng Panginoon.
12 At ngayon, walang paraan
upang mabawi ang tao sa kala-
gayang ito ng pagkahulog, na
dinala ng tao sa kanyang sarili
dahil sa kanyang sariling pag-
suway;
13 Anupa't alinsunod sa kata-
rungan, ang [a]plano ng pagtu-
bos ay hindi maisasakatupa-
ran, tanging sa mga hinihingi
ng [b]pagsisisi ng tao sa kalaga-
yang ito ng paghahanda, oo,
dito sa kalagayang ito ng pag-
subok; sapagkat maliban sa
mga hinihinging ito, ang awa
ay hindi magkakaroon ng bisa
maliban kung wawasakin nito
ang gawa ng katarungan. Nga-
yon, ang gawa ng katarungan
ay hindi maaaring mawasak;
kung magkakagayon, ang Diyos
ay [c]titigil sa pagiging Diyos.
14 At sa gayon nakikita natin
na ang buong sangkatauhan ay
[a]nahulog, at sila ay napangha-
hawakan ng [b]katarungan; oo, ng
katarungan ng Diyos, na nagta-
talaga sa kanila magpakailan-
man na itakwil mula sa kanyang
harapan.
15 At ngayon, ang plano ng
awa ay hindi magkakaroon ng
kaganapan maliban sa pagsasa-
gawa ng pagbabayad-sala; kaya
nga, ang Diyos na rin ang [a]mag-
babayad-sala para sa mga kasa-
lanan ng sanlibutan, upang mai-
sakatuparan ang plano ng [b]awa,
upang tugunin ang hinihingi ng
[c]katarungan, at nang sa gayon,
ang Diyos ay maging isang [d]ga-
nap, makatarungang Diyos, at
isa ring maawaing Diyos.
16 Ngayon, ang pagsisisi ay
hindi mapapasa mga tao mali-
ban kung may kaparusahan, na

8*a* Alma 34:9; Moi. 6:62.
9*a* GBK Pagkahulog nina Adan at Eva.
10*a* GBK Makamundo.
*b* GBK Likas na Tao.
*c* GBK Tiyak na Pagkamatay, May Kamatayan.
11*a* 2 Ne. 9:7–9.
13*a* GBK Plano ng Pagtubos.
*b* GBK Magsisi, Pagsisisi.
*c* 2 Ne. 2:13–14.
14*a* Alma 22:13–14.
*b* 2 Ne. 2:5.
15*a* 2 Ne. 9:7–10; Mos. 16:7–8. GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala.
*b* GBK Awa, Maawain.
*c* GBK Katarungan.
*d* 3 Ne. 12:48.

[a]walang hanggan din katulad
ng buhay ng kaluluwa, nakaaki-
bat salungat sa plano ng kaliga-
yahan, na walang hanggan din
katulad ng buhay ng kaluluwa.
17 Ngayon, paano ang isang
tao ay magsisisi maliban kung
siya ay [a]nagkasala? Paano siya
magkakasala kung walang [b]ba-
tas? Paanong magkakaroon ng
batas maliban kung may kapa-
rusahan?
18 Ngayon, may kaparusa-
hang kaakibat, at isang maka-
tarungang batas na ibinigay,
na nagdadala ng taos na paggi-
giyagis ng [a]budhi ng tao.
19 Ngayon, kung walang batas
na ibinigay—kung ang isang
tao ay [a]pumaslang siya ay ma-
mamatay—siya ba ay matata-
kot na siya ay mamatay kung
siya ay pumaslang?
20 At gayon din, kung walang
batas na ibinigay laban sa kasa-
lanan, ang tao ay hindi matata-
kot na magkasala.
21 At kung [a]walang batas na
ibinigay, kung ang tao ay mag-
kasala, ano ang magagawa ng
katarungan, o maging ng awa,
sapagkat ang mga ito ay hindi
magkakaroon ng karapatan sa
nilikha.
22 Ngunit may isang batas na
ibinigay, at isang kaparusa-
hang nakaakibat, at isang ipi-
nahintulot na [a]pagsisisi; kung
aling pagsisisi ay inangkin ng
awa; kung hindi, aangkinin ng
katarungan ang nilikha at ipa-
tutupad ang batas, at ang batas
ay magpapataw ng kaparusa-
han; kung hindi gayon, ang mga
gawa ng katarungan ay mawa-
wasak, at ang Diyos ay titigil sa
pagiging Diyos.
23 Ngunit ang Diyos ay hindi
tumitigil sa pagiging Diyos, at
aangkin ng [a]awa ang nagsisisi,
at ang awa ay darating dahil sa
[b]pagbabayad-sala; at ang pagba-
bayad-sala ang nagdala upang
mapangyari ang [c]pagkabuhay
na mag-uli ng mga patay, at
ang pagkabuhay na mag-uli ng
mga patay ang [d]magbabalik sa
tao sa harapan ng Diyos; at sa
gayon sila ay manunumbalik
sa kanyang harapan upang [e]ha-
tulan alinsunod sa kanilang
mga gawa, alinsunod sa batas
at katarungan.
24 Sapagkat masdan, isina-
sagawa ng katarungan ang la-
hat ng kanyang hinihingi, at
inaangkin din ng awa ang lahat
ng kanya; at sa gayon walang
maliligtas kundi ang tunay na
nagsisisi.
25 Ano, iyo bang ipinalalagay
na ang awa ay makaaagaw sa
[a]katarungan? Sinasabi ko sa iyo,
Hindi; kahit isang kudlit. Kung
magkakagayon, ang Diyos ay
titigil sa pagiging Diyos.

---

16*a* D at T 19:10–12.
17*a* GBK Kasalanan.
*b* Rom. 4:15.
18*a* GBK Budhi.
19*a* GBK Pagpaslang.
21*a* 2 Ne. 9:25–26; Mos. 3:11.
22*a* GBK Magsisi, Pagsisisi.
23*a* GBK Awa, Maawain.
*b* GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala.
*c* 2 Ne. 2:8; 9:4; Alma 7:12; 11:41–45; 12:24–25; Hel. 14:15–18; Morm. 9:13.
*d* Alma 40:21–24.
*e* GBK Paghuhukom, Ang Huling.
25*a* GBK Katarungan.

26 At sa gayon isinasagawa ng
Diyos ang kanyang dakila at
mga walang hanggang [a]layunin,
na inihanda [b]mula pa sa pagka-
katatag ng daigdig. At sa ga-
yon dumating ang kaligtasan
at katubusan ng mga tao, at ga-
yundin ang kanilang pagkali-
pol at kalungkutan.
27 Kaya nga, o aking anak,
[a]sinumang nais na lumapit ay
makalalapit at malayang maka-
babahagi sa tubig ng buhay; at
ang sinumang hindi lalapit siya
ay hindi pinipilit na lumapit;
ngunit sa huling araw, ito ay
[b]manunumbalik sa kanya alin-
sunod sa kanyang mga [c]gawa.
28 Kung kanyang ninais na
gumawa ng [a]masama, at hindi
nagsisi sa kanyang mga araw,
masdan, masama ang mangya-
yari sa kanya, alinsunod sa pag-
papanumbalik ng Diyos.
29 At ngayon, anak ko, hinihi-
ling ko na ang mga bagay na ito
ay huwag nang gumulo pa sa
iyo, at hayaan na ang iyong mga
kasalanan na lamang ang buma-
gabag sa iyo, sa yaong pangba-
bagabag na magdadala sa iyo
sa pagsisisi.
30 O anak ko, hinihiling ko na
huwag mo nang itatatwa pa
ang katarungan ng Diyos. Hu-
wag mo nang pagsikapang big-
yang-katwiran ang iyong sarili
sa pinakamaliit na punto nang
dahil sa iyong mga kasalanan
sa pamamagitan ng pagtatatwa
sa katarungan ng Diyos; kundi
hayaan mong ang katarungan
ng Diyos, at ang kanyang awa,
at ang kanyang mahabang pag-
titiis ang manaig sa iyong puso;
at hayaan mo na ito ang mag-
dala sa iyo sa alabok ng [a]pagpa-
pakumbaba.
31 At ngayon, o anak ko, ikaw
ay tinawag ng Diyos na manga-
ral ng salita sa mga taong ito.
At ngayon, anak ko, humayo
ka, at ipahayag ang salita nang
may katotohanan at kahinahu-
nan, nang ikaw ay makapagda-
la ng mga kaluluwa sa pagsisi-
si, upang ang dakilang plano
ng awa ay magkaroon ng pag-
angkin sa kanila. At nawa ay
ipagkaloob sa iyo ng Diyos ang
alinsunod sa aking mga salita.
Amen.

## KABANATA 43

*Ipinangaral ni Alma at ng kanyang mga anak ang salita—Ang mga Zoramita at ang ilang tumiwalag na Nephita ay naging mga Lamanita—Ang mga Lamanita ay sumalakay laban sa mga Nephita sa digmaan—Sinandatahan ni Moroni ang mga Nephita ng mga pananggalang na baluti—Ipinaalam ng Panginoon kay Alma ang pakana ng mga Lamanita—Ipinagtanggol ng mga Nephita ang kanilang mga tahanan, kalayaan, mag-anak, at relihiyon—Pinalibutan ng mga*

26*a* 2 Ne. 2:14–30; Moi. 1:39.
*b* Alma 13:3; 3 Ne. 1:14.
27*a* Alma 5:34; Hel. 14:30. GBK Kalayaang Mamili.
*b* Alma 41:15.
*c* Is. 59:18; Apoc. 20:12.
28*a* Alma 41:2–5.
30*a* GBK Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba.

*hukbo nina Moroni at Lehi ang mga Lamanita. Mga 74 B.C.*

AT ngayon ito ay nangyari na, na ang mga anak ni Alma ay humayo sa mga tao, upang ipahayag ang salita sa kanila. At si Alma rin naman ay di magawang magpahinga, at siya ay humayo rin.

2 Ngayon hindi na kami mangungusap pa hinggil sa kanilang pangangaral, maliban sa ipinangaral nila ang salita, at ang katotohanan, alinsunod sa diwa ng propesiya at paghahayag; at sila ay nangaral alinsunod sa banal na [a]orden ng Diyos kung saan sila tinawag.

3 At ngayon magbabalik ako sa ulat ng mga digmaang namagitan sa mga Nephita at sa mga Lamanita, sa ikalabingwalong taon ng panunungkulan ng mga hukom.

4 Sapagkat masdan, ito ay nangyari na, na ang mga [a]Zoramita ay naging mga Lamanita; samakatwid, sa pagsisimula ng ikalabingwalong taon na nakita ng mga tao ng mga Nephita na ang mga Lamanita ay sumasalakay sa kanila; kaya nga, sila ay gumawa ng mga paghahanda para sa pakikidigma; oo, kanilang kinalap ang kanilang mga hukbo sa lupain ng Jerson.

5 At ito ay nangyari na, na ang mga Lamanita ay sumalakay na kasama ang kanilang mga libu-libo; at nakarating sila sa lupain ng Antionum, na lupain ng mga Zoramita; at isang lalaking nagngangalang Zerahemnas ang kanilang pinuno.

6 At ngayon, dahil ang mga Amalekita ay higit na masasama at handang pumaslang kaysa sa mga Lamanita, sa at ng kanilang sarili; kaya nga, si Zerahemnas ay naghirang ng mga punong kapitan sa mga Lamanita, at mga Amalekita at Zoramita silang lahat.

7 Ngayon, ito ay ginawa niya upang mapanatili ang kanilang pagkapoot sa mga Nephita, upang kanyang madala sila sa pagkaalipin na magiging katuparan ng kanyang mga hangarin.

8 Sapagkat masdan, ang kanyang mga hangarin ay pukawin ang mga Lamanita na magalit laban sa mga Nephita; ito ay ginawa niya upang siya ay makakamkam ng malaking kapangyarihan sa kanila, at upang siya ay makakuha rin ng kapangyarihan sa mga Nephita sa pamamagitan ng pagdadala sa kanila sa pagkaalipin.

9 At ngayon, ang hangarin ng mga Nephita ay itaguyod ang kanilang mga lupain, at kanilang mga tahanan, at kanilang mga [a]asawa, at kanilang mga anak, upang mapangalagaan sila mula sa mga kamay ng kanilang mga kaaway; at upang mapangalagaan din nila ang kanilang mga karapatan at kanilang mga pribilehiyo, oo, at ang kanila ring [b]kalayaan,

**43** 2*a* GBK Pagkasaserdoteng Melquisedec.
4*a* Alma 35:2–14; 52:33.
9*a* Alma 44:5; 46:12.
*b* GBK Malaya, Kalayaan.

upang sila ay makasamba sa
Diyos alinsunod sa kanilang
mga naisin.
10 Sapagkat nalalaman nila na
kung sila ay babagsak sa mga
kamay ng mga Lamanita, na
sino man ang [a]sasamba sa Diyos
sa [b]espiritu at sa katotohanan, sa
tunay at buhay na Diyos, ay lili-
pulin ng mga Lamanita.
11 Oo, at nalalaman din nila
ang masidhing poot ng mga
Lamanita sa kanilang mga [a]ka-
patid, na mga tao ni Anti-Nephi-
Lehi, na tinatawag na mga tao
ni Ammon—at tumanggi silang
humawak ng mga sandata, oo,
sila ay nakipagtipan at tumang-
gi silang sirain ito—anupa't
kung sila ay babagsak sa mga
kamay ng mga Lamanita, sila
ay malilipol.
12 At hindi pahihintulutan ng
mga Nephita na sila ay mali-
pol; kaya nga kanilang binig-
yan sila ng mga lupain bilang
kanilang mana.
13 At ang mga tao ni Ammon
ay nagbigay sa mga Nephita ng
malaking bahagi ng kanilang
kabuhayan upang matustusan
ang kanilang mga hukbo; at sa
gayon ang mga Nephita ay na-
pilitang mag-isang harapin ang
mga Lamanita, na halong-lahi
nina Laman at Lemuel, at mga
anak ni Ismael, at lahat ng ya-
ong tumiwalag sa mga Nephita,
na mga Amalekita at Zoramita,
at mga [a]inapo ng mga saserdote
ni Noe.
14 Ngayon, ang mga inapong
yaon ay kasindami halos ng
mga Nephita; at sa gayon ang
mga Nephita ay napilitang ma-
kipaglaban sa kanilang mga ka-
patid,maging hanggang sa pag-
danak ng dugo.
15 At ito ay nangyari na, na
habang ang mga hukbo ng mga
Lamanita ay magkakasamang
nagtipon sa lupain ng Antio-
num, masdan, ang mga hukbo
ng mga Nephita ay nakahan-
dang harapin sila sa lupain ng
Jerson.
16 Ngayon, ang pinuno ng
mga Nephita, o ang lalaking hi-
nirang na maging punong kapi-
tan ng mga Nephita—ngayon,
ang punong kapitan ang hu-
mahawak ng lahat ng kapang-
yarihan sa lahat ng hukbo ng
mga Nephita—at ang kanyang
pangalan ay Moroni;
17 At hawak ni Moroni ang la-
hat ng kapangyarihan, at ang
pamamalakad ng kanilang mga
digmaan. At siya'y dalawampu
at limang taong gulang lamang
nang siya ay mahirang na pu-
nong kapitan sa mga hukbo ng
mga Nephita.
18 At ito ay nangyari na, na hi-
narap niya ang mga Lamanita
sa mga hangganan ng Jerson, at
ang kanyang mga tao ay nasa-
sandatahan ng mga espada, at
ng mga simitar, at lahat ng uri
ng sandata ng digmaan.
19 At nang makita ng mga
hukbo ng mga Lamanita na ang
mga tao ni Nephi, o na si Moro-
ni, ay pinaghanda ang kanyang

10*a* GBK Pagsamba.
*b* Juan 4:23–24.
11*a* Alma 24:1–3, 5, 20; 25:1, 13; 27:2, 21–26.
13*a* Alma 25:4.

mga tao ng mga baluti sa dibdib
at ng kalasag sa bisig, oo, at ng
kalasag din upang ipagsangga-
lang ang kanilang mga ulo, at
nabibihisan din sila ng maka-
kapal na damit—
20 Ngayon, ang hukbo ni Ze-
rahemnas ay hindi nakahanda
sa gayong pamamaraan; hawak
lamang nila ang kanilang mga
espada at kanilang mga simitar,
ang kanilang mga busog at kani-
lang mga palaso, ang kanilang
mga bato at kanilang mga tira-
dor; at sila ay [a]nakahubad, mali-
ban lamang sa balat na nabibig-
kis sa kanilang mga balakang;
oo, lahat ay nakahubad, maliban
lamang sa mga Zoramita at sa
mga Amalekita;
21 Subalit hindi sila nasasanda-
tahan ng mga baluti sa dibdib,
ni mga kalasag—anupa't labis
silang natakot sa mga hukbo ng
mga Nephita dahil sa kanilang
baluti, bagaman ang kanilang
bilang ay higit na malaki kaysa
sa mga Nephita.
22 Masdan, ngayon ito ay
nangyari na, na hindi sila na-
ngahas na sumalakay laban sa
mga Nephita sa mga hangga-
nan ng Jerson; anupa't nilisan
nila ang lupain ng Antionum
patungo sa ilang, at ipinagpa-
tuloy ang kanilang paglalak-
bay palibot sa ilang, hanggang
sa mga bukal ng ilog Sidon,
upang sila ay makarating sa lu-
pain ng Manti at angkinin ang
lupain; sapagkat hindi nila ina-
kalang malalaman ng mga huk-
bo ni Moroni kung saan sila pa-
tutungo.
23 Subalit ito ay nangyari na,
kapagdaka nang sila ay maka-
lisan patungo sa ilang ay nag-
pasugo si Moroni ng mga tik-
tik sa ilang upang manmanan
ang kanilang kuta; at si Moroni
rin, nalalaman ang mga prope-
siya ni Alma, ay nagpasugo ng
ilang tao sa kanya, hinihiling
sa kanya na magtanong sa Pa-
nginoon [a]kung saan tutuloy
ang mga hukbo ng mga Nephi-
ta upang maipagtanggol ang
kanilang sarili laban sa mga
Lamanita.
24 At ito ay nangyari na, na
ang salita ng Panginoon ay du-
mating kay Alma, at ipinaalam
ni Alma sa mga mensahero ni
Moroni, na ang mga hukbo ng
mga Lamanita ay lumilibot sa
ilang, upang sila ay makarating
sa lupain ng Manti, upang masi-
mulan nila ang pagsalakay sa
mahihinang bahagi ng mga tao.
At ang mga mensaherong yaon
ay lumisan at dinala ang mensa-
he kay Moroni.
25 Ngayon, si Moroni, na nag-
iwan ng isang bahagi ng kan-
yang hukbo sa lupain ng Jerson,
na baka sa anumang paraan ay
sumalakay ang isang bahagi ng
mga Lamanita sa lupaing yaon
at maangkin ang lunsod, ay
dinala ang nalabing bahagi ng
kanyang hukbo at nagtungo sa
lupain ng Manti.
26 At kanyang pinapangyari
na ang lahat ng tao sa dakong
yaon ng lupain ay sama-sa-
mang tipunin ang kanilang sa-
rili upang makidigma laban sa
mga Lamanita, upang [a]ipag-

20*a* Enos 1:20.
23*a* Alma 48:16.
26*a* D at T 134:11.

tanggol ang kanilang mga lupain at ang kanilang bayan, ang kanilang mga karapatan at kanilang mga kalayaan; kaya nga, sila ay nakahanda laban sa panahon ng pagdating ng mga Lamanita.
27 At ito ay nangyari na, na pinagkubli ni Moroni ang kanyang hukbo sa lambak na malapit sa pampang ng ilog Sidon, na nasa kanluran ng ilog Sidon sa ilang.
28 At si Moroni ay nagtalaga ng mga tiktik sa palibot, upang malaman niya kung kailan darating ang pangkat ng mga Lamanita.
29 At ngayon, dahil sa nalalaman ni Moroni ang layunin ng mga Lamanita, na ang layunin nila ay lipulin ang kanilang mga kapatid, o sakupin sila at dalhin sila sa pagkaalipin upang sila ay makapagtayo ng isang kaharian para sa kanilang sarili sa buong lupain;
30 At nalalaman din niya na ang tanging hangarin ng mga Nephita ay pangalagaan ang kanilang mga lupain, at kanilang [a]kalayaan, at kanilang simbahan, anupa't hindi niya inakalang kasalanan ang ipagtanggol sila sa pamamagitan ng pakana; kaya nga, inalam niya sa pamamagitan ng kanyang mga tiktik kung anong landas ang tatahakin ng mga Lamanita.
31 Kaya nga, hinati niya ang kanyang hukbo at dinala ang isang bahagi sa lambak, at ikinubli sila sa dakong silangan, at dakong timog ng burol ng Ripla;
32 At ang nalalabi ay ikinubli niya sa kanlurang lambak, sa dakong kanluran ng ilog Sidon, at pababa sa mga hangganan ng lupain ng Manti.
33 At sa gayong pagtatalaga ng kanyang hukbo alinsunod sa kanyang nais, siya ay nakahandang humarap sa kanila.
34 At ito ay nangyari na, na ang mga Lamanita ay sumalakay sa hilaga ng burol, kung saan ang isang bahagi ng hukbo ni Moroni ay nakakubli.
35 At nang maraanan ng mga Lamanita ang burol ng Ripla, at nakarating sa lambak, at nagsimulang tumawid sa ilog Sidon, ang hukbong nakakubli sa timog ng burol, na pinamumunuan ng isang lalaki na nagngangalang [a]Lehi, at kanyang pinamunuan ang kanyang hukbo pasulong at pinaligiran ang mga Lamanita sa silangan sa kanilang likuran.
36 At ito ay nangyari na, na ang mga Lamanita, nang makita nila ang mga Nephita na sumasalakay sa kanila sa kanilang likuran, ay humarap sa kanila at nagsimulang makipaglaban sa hukbo ni Lehi.
37 At ang gawa ng kamatayan ay nagsimula sa magkabilang panig, subalit higit na kakilakilabot ito sa panig ng mga Lamanita, sapagkat ang kanilang [a]kahubaran ay nakalantad sa mabibigat na hataw ng mga Nephita ng kanilang mga espa-

30*a* Alma 46:12, 35.
35*a* Alma 49:16.
37*a* Alma 3:5.

da at kanilang mga simitar, na
nagdadala ng kamatayan halos
sa bawat hataw.
38 Habang sa kabilang panig,
may isang taong manaka-na-
kang bumabagsak sa mga Ne-
phita, sa pamamagitan ng ka-
nilang mga espada at dahil sa
kawalan ng dugo, dahil sa sila
ay nasasanggalang sa kanilang
maseselang bahagi ng katawan,
o ang higit na maseselang ba-
hagi ng katawan ay nasasang-
galan mula sa mga hataw ng
mga Lamanita, ng kanilang mga
[a]baluti sa dibdib, at kanilang
mga kalasag, at kanilang mga
baluti sa ulo; at sa gayon ipinag-
patuloy ng mga Nephita ang
gawa ng kamatayan sa mga
Lamanita.
39 At ito ay nangyari na, na
ang mga Lamanita ay natakot,
dahil sa malaking pagkalipol
sa kanila, hanggang sa sila ay
magsimulang magsitakas pa-
tungo sa ilog Sidon.
40 At sila ay tinugis ni Lehi at
ng kanyang mga tauhan; at sila
ay itinaboy nina Lehi sa mga
tubig ng Sidon, at sila ay tuma-
wid sa mga tubig ng Sidon. At
pinanatili ni Lehi ang kanyang
mga hukbo sa pampang ng ilog
Sidon nang hindi sila maka-
tawid.
41 At ito ay nangyari na, na
hinarap ni Moroni at ng kan-
yang hukbo ang mga Lamanita
sa lambak, sa kabilang ibayo ng
ilog Sidon, at nagsimulang sa-
lakayin sila at patayin sila.
42 At ang mga Lamanita ay
muling nagsitakas mula sa kani-
lang harapan, patungo sa lupain
ng Manti; at muli silang hinarap
ng mga hukbo ni Moroni.
43 Ngayon, sa pagkakataong
ito ay labis na nakipaglaban ang
mga Lamanita; oo, hindi pa na-
lamang nakipaglaban ang mga
Lamanita nang gayong may la-
bis na lakas at tapang, hindi,
kahit noon pa sa simula.
44 At sila ay binigyang-sigla
ng mga [a]Zoramita at ng mga
Amalekita, na kanilang mga
punong kapitan at pinuno, at
ni Zerahemnas, na kanilang pu-
nong kapitan, o kanilang pu-
nong pinuno at komandante;
oo, sila ay lumaban na tila ba-
gang mga dragon, at marami
sa mga Nephita ang napatay
ng kanilang mga kamay, oo,
sapagkat kanilang hinataw sa
dalawa ang marami sa kani-
lang baluti sa ulo, at kanilang
tinuhog ang marami sa kani-
lang mga baluti sa dibdib, at
pinagputul-putol din ang ma-
rami sa kanilang mga bisig; at
sa gayon nanghataw ang mga
Lamanita sa kanilang masid-
hing galit.
45 Gayon pa man, ang mga
Nephita ay binigyang-sigla ng
higit na mainam na dahilan, sa-
pagkat hindi sila [a]nakikipagla-
ban para sa kaharian ni ka-
pangyarihan kundi sila ay na-
kikipaglaban para sa kanilang
mga tahanan at kanilang mga
[b]kalayaan, kanilang mga asawa
at kanilang mga anak, at ang
lahat-lahat sa kanila, oo, para

38*a* Alma 44:8–9.
44*a* Alma 43:6.
45*a* Alma 44:5.
*b* gbk Malaya, Kalayaan.

sa kanilang mga seremonya ng
pagsamba at kanilang simba-
han.
46 At ginagawa nila yaong
inaakalang [a]tungkulin nila na
utang nila sa kanilang Diyos;
sapagkat sinabi ng Panginoon
sa kanila, at gayon din sa kani-
lang mga ama, na: [b]Yaman din
lamang na hindi kayo ang may
kagagawan ng [c]unang pagsala-
kay, ni ng pangalawa, hindi nin-
yo pahihintulutan ang inyong
sarili na mapatay ng mga kamay
ng inyong mga kaaway.
47 At muli, sinabi ng Pangino-
on na: [a]Ipagtatanggol ninyo ang
inyong mga mag-anak maging
hanggang sa pagdanak ng dugo.
Kaya nga sa dahilang ito naki-
kipaglaban ang mga Nephita
sa mga Lamanita, upang ipag-
tanggol ang kanilang sarili, at
kanilang mga mag-anak, at ka-
nilang mga lupain, kanilang ba-
yan, at kanilang mga karapatan,
at kanilang relihiyon.
48 At ito ay nangyari na, nang
makita ng mga tauhan ni Mo-
roni ang kabangisan at galit ng
mga Lamanita, sila ay uurong
na sana at tatakas mula sa kani-
lang harapan. At si Moroni, na-
hihiwatigan ang kanilang layon,
ay nagpasabi at binigyang-sigla
ang kanilang mga puso sa pa-
mamagitan ng mga kaisipang
ito—oo, ang alaala ng kanilang
mga lupain, kanilang kalaya-
an, oo, kanilang kalayaan mula
sa pagkaalipin.
49 At ito ay nangyari na, na hi-
narap nila ang mga Lamanita,
at sa iisang tinig sila ay [a]nagsu-
mamo sa Panginoon nilang
Diyos, para sa kanilang kalaya-
an at kanilang kalayaan sa pag-
kaalipin.
50 At sila ay nagsimulang ma-
kipaglaban sa mga Lamanita
nang buong lakas; at sa oras
ding yaon na nagsumamo sila sa
Panginoon para sa kanilang ka-
layaan, ay nagsimulang magsi-
takas ang mga Lamanita mula
sa kanilang harapan; at sila ay
nagsitakas maging hanggang sa
mga tubig ng Sidon.
51 Ngayon, ang mga Lamanita
ay higit na marami, oo, nang
higit sa dalawang ulit ng bi-
lang ng mga Nephita; gayon pa
man, sila ay naitaboy hanggang
sa natipon sila sa iisang pangkat
sa lambak, sa pampang ng ilog
Sidon.
52 Anupa't pinaligiran sila ng
mga hukbo ni Moroni, oo, ma-
ging sa magkabilang baybay ng
ilog, sapagkat masdan, sa sila-
ngan ay naroon ang mga tauhan
ni Lehi.
53 Samakatwid, nang makita ni
Zerahemnas ang mga tauhan ni
Lehi sa silangan ng ilog Sidon,
at ang mga hukbo ni Moroni sa
kanluran ng ilog Sidon, na sila
ay napaliligiran ng mga Nephi-
ta, sila ay nakadama ng labis na
pagkatakot.
54 Ngayon si Moroni, nang
makita niya ang kanilang pag-
katakot, ay inutusan ang kan-
yang mga tauhan na tumigil sila

46*a* GBK Tungkulin.
*b* Alma 48:14;
D at T 98:33–36.
*c* 3 Ne. 3:21;
D at T 98:23–24.
47*a* D at T 134:11.
49*a* Ex. 2:23–25;
Mos. 29:20.

sa pagpapadanak ng kanilang
dugo.

## KABANATA 44

*Inutusan ni Moroni ang mga Lamanita na gumawa ng tipan ng kapayapaan o sila'y malilipol—Tinanggihan ni Zerahemnas ang alok, at nagpatuloy ang digmaan—Dinaig ng mga hukbo ni Moroni ang mga Lamanita. Mga 74–73 B.C.*

AT ito ay nangyari na, na sila
ay tumigil at umurong ng ilang
hakbang mula sa kanila. At sinabi ni Moroni kay Zerahemnas:
Masdan, Zerahemnas, [a]hindi
kami nagnanais na maging mga
taong uhaw sa dugo. Nalalaman
ninyo na kayo'y nasa aming
mga kamay, gayon pa man hindi namin nais na patayin kayo.
2 Masdan, hindi kami humarap sa pakikidigma sa inyo
upang padanakin namin ang
inyong dugo para sa kapangyarihan; ni hindi namin nais na
dalhin ang sino man sa singkaw ng pagkaalipin. Subalit ito
ang pinakadahilan kung bakit
sinalakay ninyo kami; oo, at
kayo ay nagagalit sa amin dahil sa aming relihiyon.
3 Subalit ngayon, namamasdan
ninyo na kasama namin ang Panginoon; at namamasdan ninyo na kanyang ibinigay kayo sa
aming mga kamay. At ngayon
nais kong maunawaan ninyo
na ito ay nangyari sa amin dahil
sa aming relihiyon at sa aming
pananampalataya kay Cristo. At
ngayon nakikita ninyong hindi
ninyo masisira ang aming pananampalatayang ito.
4 Ngayon nakikita ninyo na
ito ang totoong pananampalataya sa Diyos; oo, nakikita ninyo na ang Diyos ay itinataguyod, at inaaruga at pinangangalagaan kami, hangga't kami ay
tapat sa kanya, at sa aming pananampalataya, at sa aming relihiyon; at hindi pahihintulutan ng Panginoon na kami ay
malipol maliban kung mahulog kami sa paglabag at itatwa
ang aming pananampalataya.
5 At ngayon, Zerahemnas, inuutusan kita, sa pangalan ng makapangyarihang Diyos na yaon,
na nagpalakas sa aming mga
bisig kung kaya't kami ay nakakuha ng kapangyarihan laban sa inyo, sa pamamagitan
ng aming pananampalataya, sa
pamamagitan ng aming relihiyon, at sa pamamagitan ng
aming mga [a]seremonya sa pagsamba, at sa pamamagitan ng
aming simbahan, at sa pamamagitan ng banal na pagtataguyod na utang namin sa aming
mga asawa at aming mga anak,
sa pamamagitan ng [b]kalayaang
yaon na bumubuklod sa amin
sa aming mga lupain at sa
aming bayan; oo, at sa pamamagitan din ng pagpapanatili
ng banal na salita ng Diyos,
kung kanino tayo nagkakautang
ng lahat ng ating kaligayahan;
at sa pamamagitan ng lahat ng
napakahalaga sa amin—

**44** 1*a* Alma 43:45.
5*a* GBK Ordenansa, Mga.
*b* GBK Malaya, Kalayaan.

6 Oo, at hindi lamang ito; inuutusan kita sa pamamagitan ng lahat ng paghahangad na mayroon ka sa buhay, na isuko ninyo sa amin ang inyong mga sandata ng digmaan, at hindi namin hahangarin ang inyong dugo, kundi hindi namin kikitlin ang inyong buhay, kung kayo ay hahayo sa inyong landas at hindi na muling babalik pa upang makidigma sa amin.

7 At ngayon, kung hindi ninyo gagawin ito, masdan, kayo ay nasa aming mga kamay, at uutusan ko ang aking mga tauhan na salakayin kayo, at ihataw ang mga sugat ng kamatayan sa inyong mga katawan, upang kayo ay malipol na; at doon natin makikita kung sino ang magkakaroon ng kapangyarihan sa mga taong ito; oo, makikita natin kung sino ang madadala sa pagkaalipin.

8 At ngayon ito ay nangyari na, nang marinig ni Zerahemnas ang mga salitang ito ay lumapit siya at isinuko ang kanyang espada at ang kanyang simitar, at ang kanyang busog sa mga kamay ni Moroni, at sinabi sa kanya: Masdan, ito na ang aming mga sandata ng digmaan; isusuko namin ang mga ito sa inyo, subalit hindi namin pahihintulutan ang aming sarili na [a]makipagsumpaan sa inyo, na nalalaman naming masisira namin, at gayon din ng aming mga anak; subalit kunin ninyo ang aming mga sandata ng digmaan, at pahintulutang kami ay lumisan patungo sa ilang; kung hindi ay pananatilihin namin ang aming mga espada, at kami'y masasawi o mamamayani.

9 Masdan, hindi kami kabilang sa inyong pananampalataya; hindi kami naniniwala na ang Diyos ang nagbigay sa amin sa inyong mga kamay; kundi naniniwala kami na ang inyong katusuhan ang nagligtas sa inyo mula sa aming mga espada. Masdan, ang inyong mga [a]baluti sa dibdib at inyong mga kalasag ang nagligtas sa inyo.

10 At ngayon, nang matapos si Zerahemnas sa pangungusap ng mga salitang ito, isinauli ni Moroni ang espada at ang mga sandata ng digmaan, na kanyang tinanggap, kay Zerahemnas, sinasabing: Masdan, tatapusin natin ang labanan.

11 Ngayon, hindi ko na mababawi pa ang mga salitang sinabi ko, anupa't yamang ang Panginoon ay buhay, kayo ay hindi makalilisan maliban kung lilisan kayo nang may panunumpa na hindi na kayo muli pang babalik laban sa amin upang makidigma. Ngayon, sapagkat kayo ay nasa aming mga kamay ay paaagusin namin ang inyong dugo sa lupa, o kayo ay pasasailalim sa mga batayang iminungkahi ko.

12 At ngayon, nang sabihin ni Moroni ang mga salitang ito, pinanatili ni Zerahemnas ang kanyang espada, at siya ay nagalit kay Moroni, at siya ay sumugod upang mapatay niya si

8*a* GBK Sumpa, Mga Sumpa.
9*a* Alma 43:38.

Moroni; subalit nang itaas niya
ang kanyang espada, masdan,
isa sa mga kawal ni Moroni ay
hinataw ito maging sa lumag-
pak ito sa lupa, at nabali ito sa
may puluhan; at hinataw rin
niya si Zerahemnas kung kaya't
natanggal niya ang kanyang
anit at nalaglag ito sa lupa. At si
Zerahemnas ay umurong mula
sa kanilang harapan patungo sa
gitna ng kanyang mga kawal.
13 At ito ay nangyari na, na ang
kawal na nakatayo, na siyang
tumagpas sa anit ni Zerahem-
nas, ay kinuha ang anit sa lupa
sa may buhok, at inilagay ito sa
dulo ng kanyang espada, at iwi-
nasiwas ito sa kanila, sinasabi
sa kanila sa malakas na tinig:
14 Maging tulad ng anit na ito
na bumagsak sa lupa, na anit ng
inyong pinuno, kayo ay babag-
sak din sa lupa maliban kung
isusuko ninyo ang inyong mga
sandata ng digmaan at lumisan
nang may tipan ng kapayapaan.
15 Ngayon marami, nang ma-
rinig nila ang mga salitang ito
at nakita ang anit na nasa espa-
da, ang nakadama ng takot; at
marami ang lumapit at inihagis
ang kanilang mga sandata ng
digmaan sa paanan ni Moroni,
at [a]nakipagtipan ng kapayapa-
an. At kasindami ng nakipagti-
pan ay pinahintulutan nilang lu-
misan patungo sa ilang.
16 Ngayon ito ay nangyari
na, na si Zerahemnas ay labis
na napoot, at pinukaw niya
ang nalalabi sa kanyang mga
kawal na magalit, upang luma-
ban nang mas matindi laban sa
mga Nephita.
17 At ngayon, si Moroni ay
nagalit, dahil sa pagmamatigas
ng mga Lamanita; kaya nga inu-
tusan niya ang kanyang mga tao
na sugurin sila at patayin sila.
At ito ay nangyari na, na kani-
lang sinimulang patayin sila; oo,
at ang mga Lamanita ay luma-
ban sa pamamagitan ng kani-
lang mga espada at sa kanilang
lakas.
18 Subalit masdan, ang kani-
lang hubad na balat at kanilang
mga walang takip na ulo ay na-
kalantad sa matatalim na es-
pada ng mga Nephita; oo, mas-
dan, sila ay pinagsasaksak at
niligalig, oo, at labis na mabilis
silang bumagsak sa mga espa-
da ng mga Nephita; at sila ay
nagsimulang mapalis, maging
tulad ng iprinopesiya ng kawal
ni Moroni.
19 Ngayon, si Zerahemnas,
nang makita niya na malapit na
silang malipol na lahat, ay nag-
sumamo nang marubdob kay
Moroni, nangangako na siya ay
makikipagtipan at ang kanya
ring mga tao sa kanila, kung
hindi nila kikitlan ng kanilang
mga buhay ang nalalabi, na
[a]hindi na sila muling babalik
pa upang makidigma laban sa
kanila.
20 At ito ay nangyari na, na
muling pinatigil ni Moroni ang
gawa ng kamatayan sa mga tao.
At kinuha niya ang mga sandata
ng digmaan sa mga Lamanita; at
matapos silang [a]makipagtipan

15*a* 1 Ne. 4:37;
Alma 50:36.
19*a* Alma 47:6.
20*a* Alma 62:16–17.

sa kanya ng kapayapaan ay pi-
nahintulutan silang lumisan pa-
tungo sa ilang.
21 Ngayon, ang bilang ng kani-
lang mga patay ay hindi mabi-
lang dahil sa kalakihan ng bi-
lang; oo, ang bilang ng kanilang
mga patay ay labis-labis na ma-
laki, kapwa sa mga Nephita at
sa mga Lamanita.
22 At ito ay nangyari na, na
itinapon nila ang kanilang mga
patay sa mga tubig ng Sidon, at
sila ay inanod at nalibing sa mga
kailaliman ng dagat.
23 At ang mga hukbo ng mga
Nephita, o ni Moroni, ay nag-
sibalik at nagsitungo sa kani-
kanilang tahanan at kanilang
mga lupain.
24 At sa gayon nagtapos ang
ikalabingwalong taon ng pa-
nunungkulan ng mga hukom
sa mga tao ni Nephi. At sa ga-
yon nagwawakas ang talaan ni
Alma, na nasusulat sa mga la-
mina ni Nephi.

---

Ang ulat ng mga tao ni Nephi, at ng kanilang mga digmaan at mga paghahati-hati, sa mga araw ni Helaman, ayon sa talaan ni Helaman, na kanyang iningatan noong mga araw niya.

*Binubuo ng mga kabanata 45 hanggang 62 na pinagsama-sama.*

## KABANATA 45

*Si Helaman ay naniwala sa mga salita ni Alma—Iprinopesiya ni Alma ang pagkalipol ng mga Nephita—Binasbasan at isinumpa niya ang lupain—Si Alma ay maaaring kinuhang paitaas ng Espiritu, na tulad ni Moises—Ang pagtatalu-talo ay lumaganap sa simbahan. Mga 73 B.C.*

MASDAN, ngayon ito ay nang-
yari na, na ang mga tao ni Ne-
phi ay labis na nagsaya, dahil
sa sila ay muling iniligtas ng
Panginoon mula sa mga kamay
ng kanilang mga kaaway; anu-
pa't sila ay nagbigay-pasasala-
mat sa Panginoon nilang Diyos;
oo, at labis silang [a]nag-ayuno at
labis na nanalangin, at sinamba
nila ang Diyos sa labis na kaga-
lakan.
2 At ito ay nangyari na, na sa
ikalabingsiyam na taon ng pa-
nunungkulan ng mga hukom
sa mga tao ni Nephi, na si Alma
ay lumapit sa kanyang anak
na si Helaman at sinabi sa kan-
ya: Naniniwala ka ba sa mga
salitang sinabi ko sa iyo hing-
gil sa yaong mga [a]talaang ini-
ingatan?
3 At sinabi ni Helaman sa kan-
ya: Oo, naniniwala ako.
4 At muling sinabi ni Alma:
Naniniwala ka ba kay Jesucristo,
na paparito?
5 At sinabi niya: Oo, pinanini-
walaan ko ang lahat ng salitang
inyong sinabi.
6 At muling sinabi ni Alma sa
kanya: [a]Susundin mo ba ang
aking mga kautusan?

---

**45** 1*a* GBK Ayuno, Pag-aayuno.
2*a* Alma 37:1–5; 50:38.
6*a* GBK Kautusan ng Diyos, Mga; Pagsunod, Masunurin, Sumunod.

7 At sinabi niya: Oo, susundin ko nang buong puso ang inyong mga kautusan.

8 Pagkatapos sinabi ni Alma sa kanya: Pinagpala ka; at [a]paunlarin ka ng Panginoon sa lupaing ito.

9 Subalit masdan, ako ay may [a]ipopropesiya sa iyo; subalit ang ipopropesiya ko ay hindi mo ipaaalam; oo, kung ano ang ipopropesiya ko sa iyo ay hindi mo ipaaalam, maging hanggang sa ang propesiya ay matupad; kaya nga, isulat mo ang mga salitang sasabihin ko.

10 At ito ang mga salita: Masdan, nahihiwatigan ko na ang mga tao ring ito, ang mga Nephita, alinsunod sa diwa ng paghahayag na nasa akin, sa loob ng [a]apat na raang taon mula sa panahong ipakikita ni Jesucristo ang kanyang sarili sa kanila, ay manghihina sa [b]kawalang-paniniwala.

11 Oo, at doon sila makakikita ng mga digmaan at salot, oo, mga taggutom at pagdanak ng dugo, maging hanggang sa ang mga tao ni Nephi ay [a]malipol—

12 Oo, at ito ay dahil sa manghihina sila sa kawalang-paniniwala at mahuhulog sa mga gawa ng kadiliman, [a]at kahalayan, at lahat ng uri ng kasamaan; oo, sinasabi ko sa iyo, dahil sa sila ay magkakasala laban sa dakilang liwanag at kaalaman, oo, sinasabi ko sa iyo, na mula sa araw na yaon, maging ang ikaapat na salinlahi ay hindi lilipas na lahat bago dumating ang labis na kasamaang ito.

13 At kapag dumating ang dakilang araw na yaon, masdan, ang panahon ay madaling darating na ang mga yaong ngayon, o, ang mga binhi ng mga yaong kabilang ngayon sa mga tao ni Nephi, ay [a]hindi na mabibilang sa mga tao ni Nephi.

14 Subalit ang sino mang malalabi, at hindi mapapatay sa dakila at kakila-kilabot na araw na yaon, ay [a]mabibilang sa mga Lamanita, at magiging tulad nila, lahat, maliban sa ilan na tatawaging mga disipulo ng Panginoon; at sila'y tutugisin ng mga Lamanita [b]hanggang sa sila ay malipol. At ngayon, dahil sa kasamaan, ang propesiyang ito ay matutupad.

15 At ngayon ito ay nangyari na, nang matapos sabihin ni Alma ang mga bagay na ito kay Helaman, na kanyang binasbasan siya, at gayon din ang iba pa niyang mga anak; at binasbasan din niya ang lupain para sa kapakanan ng [a]mabubuti.

16 At sinabi niya: Ganito ang wika ng Panginoong Diyos—[a]Sumpain ang lupain, oo, ang

8*a* 1 Ne. 4:14; Alma 48:15–16, 25.
9*a* GBK Propesiya, Pagpopropesiya.
10*a* 1 Ne. 12:10–15; Hel. 13:9; Morm. 8:6–7.
*b* GBK Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan; Kawalang-paniniwala.
11*a* Jar. 1:10; Morm. 8:2–3, 6–7.
12*a* GBK Pagnanasa.
13*a* Hel. 3:16.
14*a* Moro. 9:24.
*b* Moro. 1:1–3.
15*a* Alma 46:10; 62:40.
16*a* 2 Ne. 1:7; Alma 37:31; Eter 2:8–12.

lupaing ito, sa lahat ng bansa, lahi, wika, at tao, tungo sa pagkawasak, na gumagawa ng kasamaan, kapag sila ay ganap nang hinog; at tulad ng pagkakasabi ko ay gayon ang mangyayari; sapagkat ito ang pagsusumpa at [b]pagbabasbas ng Diyos sa lupain, sapagkat ang Panginoon ay hindi makatitingin sa kasalanan nang may [c]munti mang antas ng pagpapahintulot.

17 At ngayon, nang sabihin ni Alma ang mga salitang ito, binasbasan niya ang [a]simbahan, oo, lahat ng yaong matatag na naninindigan sa pananampalataya mula sa panahong yaon at magpakailanman.

18 At nang ito ay magawa na ni Alma ay nilisan niya ang lupain ng Zarahemla, na tila bagang magtutungo sa lupain ng Melek. At ito ay nangyari na, na wala nang narinig pa hinggil sa kanya; hinggil sa kanyang kamatayan o libing ay wala kaming nalalaman.

19 Masdan, ito ang nalalaman namin, na siya'y isang mabuting tao; at ang kasabihan ay lumaganap sa simbahan na siya ay kinuhang paitaas ng Espiritu, o [a]inilibing ng kamay ng Panginoon, maging tulad ni Moises. Subalit masdan, sinasabi ng mga banal na kasulatan na kinuha ng Panginoon si Moises sa kanyang sarili; at inaakala naming tinanggap din niya si Alma sa espiritu, sa kanyang sarili; anupa't sa dahilang ito kami ay walang nalalaman hinggil sa kanyang kamatayan at libing.

20 At ngayon ito ay nangyari na, na sa pagsisimula ng ikalabingsiyam na taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi, na si Helaman ay humayo sa mga tao upang ipahayag ang salita sa kanila.

21 Sapagkat masdan, dahil sa kanilang mga pakikidigma sa mga Lamanita at sa maraming maliit na pagtatalu-talo at kaguluhang naganap sa mga tao, ay kinailangang ipahayag ang [a]salita ng Diyos sa kanila, oo, at kinailangang magkaroon ng isang pamamalakad sa buong simbahan.

22 Kaya nga, si Helaman at ang kanyang mga kapatid ay humayo upang itatag na muli ang simbahan sa lahat ng lupain, oo, sa bawat lunsod sa lahat ng dako ng buong lupain na pag-aari ng mga tao ni Nephi. At ito ay nangyari na, na sila ay naghirang ng mga saserdote at guro sa lahat ng dako ng buong lupain, sa lahat ng simbahan.

23 At ngayon ito ay nangyari na, na matapos makapaghirang si Helaman at ang kanyang mga kapatid ng mga saserdote at guro sa mga simbahan ay nagkaroon ng [a]pagtatalu-talo sa kanila, at sila ay tumangging makinig sa mga salita ni Helaman at ng kanyang mga kapatid;

16*b* D at T 130:21.
*c* D at T 1:31.
17*a* GBK Simbahan ni Jesucristo.
19*a* GBK Taong Nagbagong-kalagayan, Mga.
21*a* Alma 31:5.
23*a* 3 Ne. 11:28–29.

24 Kundi sila ay naging palalo, naging mapagmataas sa kanilang mga puso, dahil sa kanilang labis-labis na [a]kayamanan; anupa't sila ay naging mayayaman sa kanilang [b]sariling mga paningin, at tumangging makinig sa kanilang mga salita, na lumakad ng matwid sa harapan ng Diyos.

## KABANATA 46

*Si Amalikeo ay nakipagsabwatan upang maging hari—Itinaas ni Moroni ang bandila ng kalayaan—Kanyang sama-samang tinipon ang mga tao upang ipagtanggol ang kanilang relihiyon—Ang mga tunay na naniniwala ay tinawag na mga Cristiyano—Ang isang labi ni Jose ay pangangalagaan—Si Amalikeo at ang mga tumiwalag ay nagsitakas patungo sa lupain ng Nephi—Ang mga yaong hindi magtataguyod sa layunin ng kalayaan ay papatayin. Mga 73–72 B.C.*

AT ito ay nangyari na, na kasindami ng tumangging makinig sa mga salita ni Helaman at ng kanyang mga kapatid ay sama-samang nagtipon laban sa kanilang mga kapatid.

2 At ngayon masdan, sila ay labis na napoot, kung kaya't pinagtikahan nilang patayin sila.

3 Ngayon, ang pinuno ng yaong mga napopoot sa kanilang mga kapatid ay isang malaki at malakas na lalaki; at ang kanyang pangalan ay Amalikeo.

4 At si Amalikeo ay nagnais na maging hari; at ang mga yaong taong napopoot ay nagnais ding siya ang kanilang maging hari; at sila ang nakararaming bahagi ng mga [a]nakabababang hukom ng lupain, at sila ay naghahangad ng kapangyarihan.

5 At sila ay naakay ng mga panghihibok ni Amalikeo, na kung kanilang itataguyod siya at iluluklok siya bilang kanilang hari na kanyang gagawin silang mga tagapamahala sa mga tao.

6 Sa gayon sila naakay palayo ni Amalikeo sa mga pagtiwalag, sa kabila ng mga pangangaral ni Helaman at ng kanyang mga kapatid, oo, sa kabila ng kanilang labis-labis na pagkalinga sa simbahan, sapagkat sila'y matataas na saserdote sa simbahan.

7 At marami sa simbahan ang naniwala sa mahihibok na salita ni Amalikeo, kaya nga, sila ay tumiwalag maging sa simbahan; at sa gayon ang mga pangyayari sa mga tao ni Nephi ay labis na walang kapanatagan at mapanganib, sa kabila ng kanilang malaking [a]tagumpay na natamo nila sa mga Lamanita, at kanilang labis na kasiyahan na natamo dahil sa kanilang pagkakaligtas sa pamamagitan ng kamay ng Panginoon.

8 Sa gayon nakikita natin kung gaano [a]kabilis makalimot ang mga anak ng tao sa Panginoon nilang Diyos, oo, gaano kabilis

24*a* GBK Kayamanan.
*b* GBK Kapalaluan.
**46** 4*a* Mos. 29:11, 28–29.
7*a* Alma 44:19–20.
8*a* Hel. 12:2, 4–5.

gumawa ng kasamaan, at maa-
kay palayo ng yaong masama.
9 Oo, at nakikita rin natin ang
malaking [a]kasamaang naidudu-
lot ng isang napakasamang tao
sa mga anak ng tao.
10 Oo, nakikita natin na si
Amalikeo, dahil sa siya ay isang
taong may tusong pamamaraan
at isang taong maraming mahi-
hibok na salita, kaya nga naakay
niyang palayo ang mga puso
ng maraming tao upang guma-
wa ng masama; oo, at upang
hangaring wasakin ang simba-
han ng Diyos, at wasakin ang
saligan ng [a]kalayaan na ibini-
gay ng Diyos sa kanila, o pag-
papalang ipinadala ng Diyos sa
ibabaw ng lupain alang-alang
sa [b]mabubuti.
11 At ngayon ito ay nangyari
na, nang si Moroni, na siyang
[a]punong komandante ng mga
hukbo ng mga Nephita, ay na-
rinig ang hinggil sa mga pagti-
walag na ito, na siya ay nagalit
kay Amalikeo.
12 At ito ay nangyari na, na
pinunit niya ang kanyang bata;
at kinuha niya ang isang piraso
niyon, at sinulatan ito—[a]Sa
alaala ng ating Diyos, ating re-
lihiyon, at kalayaan, at ating
kapayapaan, ating mga asawa,
at ating mga anak—at ikinabit
niya ito sa dulo ng isang maha-
bang kahoy.
13 At isinuot niya ang kanyang
baluti sa ulo, at kanyang baluti
sa dibdib, at kanyang mga ka-
lasag, at ibinigkis ang kanyang
baluti sa kanyang balakang; at
kinuha niya ang mahabang ka-
hoy, kung saan nakakabit sa
dulo niyon ang kanyang pinu-
nit na bata, (at tinawag niya
itong ang bandila ng kalayaan)
at iniyukod niya ang kanyang
sarili sa lupa, at siya ay nanala-
ngin nang mataimtim sa kan-
yang Diyos upang ang mga
pagpapala ng kalayaan ay ma-
pasakanyang mga kapatid,
hangga't may pangkat ng mga
Cristiyanong nananatili upang
angkinin ang lupain—
14 Sapagkat sa gayon ang la-
hat ng tunay na naniniwala kay
Cristo, na nabibilang sa simba-
han ng Diyos, ay tinatawag ng
mga yaong hindi nabibilang sa
simbahan.
15 At ang mga yaong kabilang
sa simbahan ay matatapat; oo,
lahat ng yaong tunay na nanini-
wala kay Cristo ay tinaglay sa
kanilang sarili, nang may kaga-
lakan, ang [a]pangalan ni Cristo, o
mga [b]Cristiyano kung sila ay ta-
wagin, dahil sa kanilang pani-
niwala kay Cristo na paparito.
16 At kaya nga, sa panahong
ito, ipinanalangin ni Moroni na
ang kapakanan ng mga Cristi-
yano, at ang kalayaan ng lupain
ay itaguyod.
17 At ito ay nangyari na, nang
maibuhos niya ang kanyang
kaluluwa sa Diyos, ay binansa-
gan niya ang lahat ng lupain na
nasa timog ng lupaing [a]Ka-

9*a* Mos. 29:17–18.
10*a* 2 Ne. 1:7; Mos. 29:32.
*b* 2 Ne. 1:7.
11*a* Alma 43:16–17.
12*a* Neh. 4:14; Alma 44:5.
15*a* Mos. 5:7–9.
*b* Gawa 11:26; 1 Ped. 4:16.
17*a* Alma 22:30–31.

panglawan, oo, at sa madaling salita, lahat ng lupain, kapwa sa hilaga at sa timog—Isang piniling lupain, at ang lupain ng kalayaan.
18 At sinabi niya: Tunay na hindi pahihintulutan ng Diyos na tayo, na kinamumuhian dahil sa tinaglay natin sa ating sarili ang pangalan ni Cristo, ay yurakan at lipulin, hanggang sa ipataw natin ito sa ating sarili sa pamamagitan ng ating sariling mga kasalanan.
19 At nang sabihin ni Moroni ang mga salitang ito, siya ay humayo sa mga tao, iwinawagayway ang pinunit na bahagi ng kanyang [a]kasuotan sa hangin, upang makita ng lahat ang sulat na isinulat niya sa pinunit na bahagi, at sumisigaw sa malakas na tinig, sinasabing:
20 Masdan, sino man ang magpapanatili sa bandilang ito sa lupain, magsilapit sila sa lakas ng Panginoon, at makipagtipang pananatilihin nila ang kanilang mga karapatan, at kanilang relihiyon, upang pagpalain sila ng Panginoong Diyos.
21 At ito ay nangyari na, nang ipahayag ni Moroni ang mga salitang ito, masdan, sama-samang patakbong nagsidatingan ang mga tao na nakabigkis ang kanilang mga baluti sa kanilang mga balakang, pinupunit ang kanilang mga kasuotan bilang palatandaan, o bilang isang pakikipagtipan, na hindi nila tatalikuran ang Panginoon nilang Diyos; oo, sa ibang salita, kung sila ay lalabag sa mga kautusan ng Diyos, o mahuhulog sa paglabag, at [a]mahihiyang taglayin sa kanilang sarili ang pangalan ni Cristo, sila ay wawasakin ng Panginoon maging tulad ng pagpunit nila sa kanilang mga kasuotan.
22 Ngayon ito ang tipang ginawa nila, at inihagis nila ang kanilang mga kasuotan sa paanan ni Moroni, sinasabing: Kami ay nakikipagtipan sa aming Diyos, na kami'y lipulin, katulad ng aming mga kapatid sa lupaing pahilaga, kung kami ay mahuhulog sa paglabag; oo, maaari niya kaming ihagis sa paanan ng aming mga kaaway, maging katulad ng pagkakahagis namin sa aming mga kasuotan sa iyong paanan upang yapak-yapakan sa ilalim ng mga paa, kung kami ay mahuhulog sa paglabag.
23 Sinabi ni Moroni sa kanila: Masdan, tayo ay labi ng mga binhi ni Jacob; oo, tayo ay labi ng mga [a]binhi ni [b]Jose, kung kaninong [c]bata ay pinagpunit-punit ng kanyang mga kapatid sa maraming piraso; oo, at ngayon masdan, pakatandaan nating sundin ang mga kautusan ng Diyos, o ang ating mga kasuotan ay pagpupunit-punitin ng ating mga kapatid, at tayo ay itatapon sa bilangguan, o ipagbibili, o mapatay.
24 Oo, halina't pangalagaan natin ang ating kalayaan bilang

19*a* GBK Sagisag.
21*a* 1 Ne. 8:25–28; Morm. 8:38.
23*a* Gen. 49:22–26; 1 Ne. 5:14–15.
*b* GBK Jose, Anak ni Jacob.
*c* Gen. 37:3, 31–36.

[a]labi ni Jose; oo, alalahanin natin
ang mga salita ni Jacob, bago
ang kanyang kamatayan, sa-
pagkat masdan, nakita niya na
may isang bahagi ng labi ng
bata ni Jose ang naingatan at
hindi nasira. At sinabi niya—
Maging tulad ng pag-iingat sa
labi ng kasuotang ito ng aking
anak, gayon din ay may panga-
ngalagaang isang [b]labi ng mga
binhi ng aking anak sa pama-
magitan ng kamay ng Diyos, at
dadalhin sa kanyang sarili, sa-
mantalang ang nalalabi sa mga
binhi ni Jose ay masasawi, ma-
ging tulad ng labi ng kanyang
kasuotan.
25 Ngayon masdan, binibigyan
nito ng kalungkutan ang aking
kaluluwa; gayon pa man, may
galak ang aking puso sa aking
anak, dahil sa yaong bahagi ng
kanyang mga binhing kukunin
ng Diyos.
26 Ngayon masdan, ito ang
winika ni Jacob.
27 At ngayon sino ang nakaa-
alam kung sino yaong labi ng
mga binhi ni Jose, na masisirang
tulad ng kanyang kasuotan, ay
ang mga yaong tumiwalag mula
sa atin? Oo, at maging ito ay ma-
giging tayo rin kung hindi tayo
matatag na maninindigan sa
pananampalataya kay Cristo.
28 Ngayon ito ay nangyari na,
nang sabihin ni Moroni ang mga
salitang ito ay humayo siya, at
nagpasabi rin sa lahat ng dako
ng lupain kung saan may mga
nagsipagtiwalag, at kinalap ang
lahat ng taong nagnanais na
mapanatili ang kanilang kala-
yaan, upang sumalungat laban
kay Amalikeo at sa mga yaong
nagsitiwalag, na tinatawag na
mga Amalikeohita.
29 At ito ay nangyari na, nang
makita ni Amalikeo na higit na
nakararami ang mga tao ni Mo-
roni kaysa sa mga Amalikeohi-
ta—at nakita rin niya na ang
kanyang mga tao ay nag-aalin-
langan hinggil sa katarungan ng
panig na kanilang inaniban—
kaya nga, nangangambang baka
hindi niya makamit ang layu-
nin, ipinagsama niya yaong
kanyang mga tao na ibig suma-
ma at lumisan patungo sa lupa-
in ng Nephi.
30 Ngayon inakala ni Moroni
na hindi kinakailangang mag-
karoon ng higit pang lakas ang
mga Lamanita; anupa't kanyang
naisip na harangin ang mga tao
ni Amalikeo, o dakpin sila at
ibalik sila, at patayin si Ama-
likeo; oo, sapagkat nalalaman
niya na kanyang pupukawin
ang mga Lamanita na magalit
laban sa kanila, at uudyukan
sila na sumalakay upang maki-
digma laban sa kanila; at ito ay
alam niyang gagawin ni Ama-
likeo upang makamit niya ang
kanyang mga layunin.
31 Kaya nga, inakala ni Moro-
ni na kinakailangang ipagsama
niya ang kanyang mga hukbo,
na magkakasamang tinipon ang
kanilang sarili, at sinandatahan
ang kanilang sarili, at nakipagti-
pan na panatilihin ang kapaya-
paan—at ito ay nangyari na, na

24*a* Amos 5:15;
3 Ne. 5:21–24; 10:17.
*b* 2 Ne. 3:5–24;
Eter 13:6–7.

ipinagsama niya ang kanyang hukbo at humayong dala ang kanilang mga tolda patungo sa ilang, upang harangin ang daraanan ni Amalikeo sa ilang.
32 At ito ay nangyari na, na ginawa niya ang naaalinsunod sa kanyang mga naisin, at humayo sa ilang, at hinadlangan ang mga hukbo ni Amalikeo.
33 At ito ay nangyari na, na si Amalikeo ay tumakas na kasama ang maliit na bilang ng kanyang mga tauhan, at ang nalabi ay nahulog sa mga kamay ni Moroni at dinalang pabalik sa lupain ng Zarahemla.
34 Ngayon, si Moroni na isang lalaking [a]hinirang ng mga punong hukom at ng tinig ng mga tao, kaya nga, siya ay may kapangyarihan alinsunod sa kanyang kagustuhan sa mga hukbo ng mga Nephita, na magtatag at gumamit ng kapangyarihan sa kanila.
35 At ito ay nangyari na, na sino man sa mga Amalikeohita ang tumangging makipagtipan na itataguyod ang layunin ng kalayaan, upang sila ay makapagpanatili ng malayang pamahalaan, ay ipinapapatay niya; at kakaunti lamang ang tumanggi sa tipan ng kalayaan.
36 At ito rin ay nangyari na, na ipinataas niya ang bandila ng kalayaan sa bawat tore na nasa lahat ng lupain, na pag-aari ng mga Nephita; at sa ganito itinayo ni Moroni ang bandila ng kalayaan sa mga Nephita.
37 At sila ay nagsimulang muling magkaroon ng kapayapaan sa lupain; at sa gayon nila napanatili ang kapayapaan sa lupain hanggang sa pagtatapos ng ikalabingsiyam na taon ng panunungkulan ng mga hukom.
38 At si Helaman at ang [a]matataas na saserdote ay nagpanatili rin ng kaayusan sa simbahan; oo, maging sa loob ng apat na taon ay nagkaroon sila ng labis na kapayapaan at pagsasaya sa simbahan.
39 At ito ay nangyari na, na marami ang namatay, matibay na [a]naniniwala na ang kanilang mga kaluluwa ay tinubos ng Panginoong Jesucristo; sa gayon sila lumisan sa daigdig na nagsasaya.
40 At may ilang nangamatay sa mga lagnat, na sa ilang panahon ay napakadalas sa lupain—subalit hindi gaanong malubha ang mga lagnat dahil sa labis na kainaman ng maraming [a]halaman at ugat na inihanda ng Diyos upang maalis ang sanhi ng mga karamdaman, na pumapasailalim sa mga tao dahil sa kalagayan ng klima—
41 Subalit marami ang nangamatay dahil sa katandaan; at ang mga yaong nangamatay sa pananampalataya kay Cristo ay [a]maligaya sa kanya, tulad ng nararapat nating akalain.

## KABANATA 47

*Si Amalikeo ay gumamit ng kataksilan, pagpaslang, at sabwatan*

34*a* Alma 43:16.
38*a* Alma 46:6.
39*a* Moro. 7:3, 41.
40*a* D at T 89:10.
41*a* Apoc. 14:13.

*upang maging hari ng mga Lamanita—Ang mga tumiwalag na mga Nephita ay higit na masasama at malulupit kaysa sa mga Lamanita. Mga 72 B.C.*

NGAYON, tayo ay magbabalik sa ating talaan kay Amalikeo at yaong mga [a]nagsitakas na kasama niya patungo sa ilang; sapagkat masdan, ipinagsama niya ang mga yaong sumama sa kanya, at umahon sa [b]lupain ng Nephi sa mga Lamanita, at pinukaw ang mga Lamanita na magalit laban sa mga tao ni Nephi, hanggang sa ang hari ng mga Lamanita ay nagpadala ng pahayag sa lahat ng dako ng kanyang lupain, sa lahat ng kanyang mga tao, na muli silang sama-samang magtipon upang makidigma sa mga Nephita.

2 At ito ay nangyari na, nang ang pahayag ay ipag-utos sa kanila na labis silang natakot; oo, natakot silang galitin ang hari, at sila ay natakot ding makidigma sa mga Nephita at baka masawi ang kanilang mga buhay. At ito ay nangyari na, na sila ay tumanggi, o ang nakararaming bahagi nila ay tumangging sundin ang mga kautusan ng hari.

3 At ngayon ito ay nangyari na, na ang hari ay napoot dahil sa kanilang pagsuway; kaya nga ibinigay niya kay Amalikeo ang kapangyarihan sa yaong bahagi ng kanyang hukbo na masunurin sa kanyang mga utos, at inutusan siyang humayo at pilitin silang manandata.

4 Ngayon masdan, ito ang nais ni Amalikeo; sapagkat siya'y napakatusong tao sa paggawa ng kasamaan anupa't siya ay bumuo ng plano sa kanyang puso na agawan ng korona ang hari ng mga Lamanita.

5 At ngayon nakuha niya ang kapangyarihan sa yaong mga bahagi ng mga Lamanita na tumatangkilik sa hari; at hinangad niyang makuha ang pagsang-ayon ng mga yaong hindi masunurin; anupa't siya ay nagtungo sa lugar na tinatawag na [a]Onidas, sapagkat dito nagsitungo ang lahat ng Lamanita; sapagkat kanilang natuklasang dumarating ang hukbo, at, inaakalang dumarating sila upang lipulin sila, kaya nga, sila ay nagsitungo sa Onidas, sa lugar ng mga sandata.

6 At sila ay naghirang ng isang lalaki na maging hari at pinuno nila, na may katiyakan sa kanilang pag-iisip lakip ang di matinag na pagpapasiyang hindi sila papipilit na humayo laban sa mga Nephita.

7 At ito ay nangyari na, na kanilang sama-samang tinipon ang sarili sa tuktok ng bundok na tinatawag na Antipas, bilang paghahanda sa pakikidigma.

8 Ngayon hindi hangad ni Amalikeo na sila ay digmain alinsunod sa mga kautusan ng hari; kundi masdan, layunin niya na makuha ang pagsang-ayon ng mga hukbo ng mga Lamanita, upang mailagay niya ang sarili sa kanilang pamu-

**47** 1*a* Alma 46:33.
*b* 2 Ne. 5:5–8;
Omni 1:12–13.
5*a* Alma 32:4.

muno at agawan ng korona ang
hari at angkinin ang kaharian.
9 At masdan, ito ay nangyari
na, na inutusan niya ang kan-
yang hukbo na magtayo ng ka-
nilang mga tolda sa lambak na
malapit sa bundok ng Antipas.
10 At ito ay nangyari na, nang
sumapit ang gabi siya ay nag-
pasugo ng lihim na mensahero
patungo sa bundok ng Anti-
pas, hinihiling na ang pinuno
ng mga yaong nasa bundok, na
nagngangalang Lehonti, na siya
ay bumaba sa paanan ng bun-
dok, sapagkat nais niya na si-
ya'y kausapin.
11 At ito ay nangyari na, nang
matanggap ni Lehonti ang men-
sahe ay hindi siya nagtangkang
bumaba sa paanan ng bundok.
At ito ay nangyari na, na si
Amalikeo ay muling nagpasa-
bi sa ikalawang pagkakataon,
hinihiling na siya ay bumaba.
At ito ay nangyari na, na tu-
manggi si Lehonti; at muli si-
yang nagpasabi sa ikatlong
pagkakataon.
12 At ito ay nangyari na, nang
malaman ni Amalikeo na hindi
niya makuhang pababain si Le-
honti mula sa bundok, siya ay
umahon sa bundok, sa malapit
sa kuta ni Lehonti; at muli ni-
yang ipinasabi ang kanyang
mensahe sa ikaapat na pagka-
kataon kay Lehonti, hinihiling
na siya ay bumaba, at dalhin
niya ang kanyang mga bantay
na kasama niya.
13 At ito ay nangyari na, nang
bumaba si Lehonti na kasama
ang kanyang mga bantay kay
Amalikeo, na hiniling ni Ama-
likeo na siya ay bumabang ka-
sama ang kanyang hukbo sa
gabi, at paligiran yaong mga
tauhan niya na nasa kanilang
mga kuta na ibinigay ng hari sa
ilalim ng kanyang pamumuno,
at na kanyang ibibigay sila sa
mga kamay ni Lehonti, kung
kanyang gagawin siyang pa-
ngalawang pinuno (Amalikeo)
sa buong hukbo.
14 At ito ay nangyari na, na si
Lehonti ay bumabang kasama
ang kanyang mga tauhan at pi-
naligiran ang mga tauhan ni
Amalikeo, kung kaya't bago
sila nagising sa pagsikat ng
araw ay napaliligiran na sila ng
mga hukbo ni Lehonti.
15 At ito ay nangyari na, nang
makitang napaliligiran sila, na
nagmakaawa sila kay Amali-
keo na pahintulutan niya si-
lang umanib sa kanilang mga
kapatid, upang hindi sila mali-
pol. Ngayon, ito ang siya ring
naisin ni Amalikeo.
16 At ito ay nangyari na, na
isinuko niya ang kanyang mga
tauhan, [a]salungat sa mga utos
ng hari. Ngayon, ito ang bagay
na ninais ni Amalikeo, upang
maisakatuparan niya ang kan-
yang mga balak sa pag-aagaw
ng korona ng hari.
17 Ngayon kaugalian sa mga
Lamanita, kung ang kanilang
punong pinuno ay mapatay, na
hirangin ang pangalawang pi-
nuno na maging punong pinu-
no nila.

16*a* Alma 47:3.

18 At ito ay nangyari na, na inutusan ni Amalikeo ang isa sa kanyang mga tagapagsilbi na unti-unting lasunin si Lehonti, kung kaya't siya ay namatay.
19 Ngayon, nang si Lehonti ay patay na, hinirang ng mga Lamanita si Amalikeo na maging kanilang pinuno at kanilang punong komandante.
20 At ito ay nangyari na, na si Amalikeo ay humayong kasama ang kanyang mga hukbo (sapagkat nakamtan niya ang kanyang mga naisin) sa lupain ng Nephi, sa lunsod ng Nephi, na siyang punong lunsod.
21 At lumabas ang hari na kasama ang kanyang mga bantay upang salubungin siya, sapagkat inakala niya na natupad ni Amalikeo ang kanyang mga utos, at na nakapangalap si Amalikeo ng higit na malaking hukbo upang sumalakay laban sa mga Nephita sa pakikidigma.
22 Subalit masdan, habang lumalabas ang hari upang salubungin siya ay inutusan ni Amalikeo ang kanyang mga tagapagsilbi na humayo upang salubungin ang hari. At sila ay humayo at iniyukod nila ang sarili sa harapan ng hari, na parang binibigyang-galang siya dahil sa kanyang katungkulan.
23 At ito ay nangyari na, na iniunat ng hari ang kanyang kamay upang patayuin sila, tulad ng nakaugalian ng mga Lamanita, bilang tanda ng kapayapaan, kung aling kaugalian ay nakuha nila sa mga Nephita.
24 At ito ay nangyari na, nang patayuin niya ang una mula sa lupa, masdan, sinaksak niya ang hari sa puso; at siya ay nalugmok sa lupa.
25 Ngayon, ang mga tagapagsilbi ng hari ay nagpanakbuhan; at ang mga tagapagsilbi ni Amalikeo ay sumigaw, sinasabing:
26 Masdan, ang mga tagapagsilbi ng hari ay sinaksak siya sa puso, at siya ay namatay at nagsitakas sila; masdan, halina't tingnan.
27 At ito ay nangyari na, na inutusan ni Amalikeo ang kanyang mga hukbo na humayo at tingnan kung ano ang nangyari sa hari; at nang sila ay makarating sa lugar, at natagpuang nakahiga ang hari sa kanyang sariling dugo, ay nagkunwaring galit si Amalikeo, at sinabi: Kung sino man ang nagmamahal sa hari, humayo siya, at tugisin ang kanyang mga tagapagsilbi upang sila ay mapatay.
28 At ito ay nangyari na, na lahat silang nagmamahal sa hari, nang marinig nila ang mga salitang ito, ay nagsihayo at tinugis ang mga tagapagsilbi ng hari.
29 Ngayon, nang makita ng mga tagapagsilbi ng hari na may hukbong tumutugis sa kanila, ay muli silang natakot, at nagsitakas patungo sa ilang, at nagtungo sa lupain ng Zarahemla at nakiisa sa mga [a]tao ni Ammon.
30 At ang hukbong tumutugis sa kanila ay nagsibalik, na nabigo sa pagtugis sa kanila; at sa

29*a* Alma 43:11–12.
GBK Anti-Nephi-Lehi.

gayon si Amalikeo, sa pamamagitan ng kanyang pandaraya, ay nakuha ang kalooban ng mga tao.
31 At ito ay nangyari na, na kinabukasan siya ay pumasok sa lunsod ng Nephi na kasama ang kanyang mga hukbo, at inangkin ang lunsod.
32 At ngayon ito ay nangyari na, na ang reyna, nang marinig niya na napatay ang hari—sapagkat si Amalikeo ay nagpasugo ng mensahero sa reyna na ipinaaalam sa kanya na pinatay ang hari ng kanyang mga tagapagsilbi, na kanyang tinugis sila kasama ang kanyang hukbo, subalit ito ay nawalang-saysay, at nagawa nila ang kanilang pagtakas—
33 Anupa't nang matanggap ng reyna ang mensaheng ito na siya ay nagpasabi kay Amalikeo, hinihiling na huwag niyang kitlin ang buhay ng mga tao ng lunsod; at hiniling din niya sa kanya na siya ay magsadya sa kanya; at hiniling din niya sa kanya na magsama siya ng mga saksi na magpapatotoo hinggil sa pagkamatay ng hari.
34 At ito ay nangyari na, na isinama ni Amalikeo ang yaon ding tagapagsilbi na siyang pumatay sa hari, at lahat silang kasama niya, at humarap sa reyna, sa lugar kung saan siya nakaupo; at silang lahat ay nagpatotoo sa kanya na ang hari ay pinatay ng kanyang sariling mga tagapagsilbi; at sinabi rin nila: Sila ay nagsitakas; hindi ba ito sumasaksi laban sa kanila? At sa gayon napaniwala nila ang reyna hinggil sa kamatayan ng hari.
35 At ito ay nangyari na, na hinangad ni Amalikeo ang pagsang-ayon ng reyna, at pinakasalan siya para sa kanyang sarili upang maging asawa; at sa gayon sa pamamagitan ng kanyang pandaraya, at sa tulong ng kanyang mga tusong tagapagsilbi, ay nakuha niya ang kaharian; oo, siya ay kinilalang hari sa lahat ng dako ng buong lupain, sa lahat ng tao ng mga Lamanita, na [a]binubuo ng mga Lamanita at ng mga Lemuelita at ng mga Ismaelita, at lahat ng tumiwalag sa mga Nephita, mula sa panunungkulan ni Nephi hanggang sa panahong kasalukuyan.
36 Ngayon, ang mga [a]tumiwalag na ito, na may gayon ding tagubilin at gayon ding kaalaman na tulad sa mga Nephita, oo, na tinuruan sa gayon ding [b]kaalaman tungkol sa Panginoon, gayon pa man, kamangha-mangha itong isalaysay, na di katagalan matapos ang kanilang mga pagtiwalag sila ay naging higit na matitigas at [c]tumangging magsisi, at higit na mababangis, masasama at malulupit kaysa sa mga Lamanita—umiinom sa mga kaugalian ng mga Lamanita; nagpapaubaya sa katamaran, at lahat ng uri ng kahalayan; oo, ganap

35*a* Jac. 1:13–14.
36*a* GBK Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan.
*b* Heb. 10:26–27; Alma 24:30.
*c* Jer. 8:12.

na nalimutan ang Panginoon
nilang Diyos.

## KABANATA 48

*Pinukaw ni Amalikeo ang mga Lamanita laban sa mga Nephita—Inihanda ni Moroni ang kanyang mga tao na ipagtanggol ang layunin ng mga Cristiyano—Siya ay nagsasaya sa kalayaan at isang makapangyarihang tao ng Diyos. Mga 72* B.C.

At ngayon ito ay nangyari na,
na kapagdakang makuha ni
Amalikeo ang kaharian ay sini-
mulan niyang pukawin ang
mga puso ng mga Lamanita la-
ban sa mga tao ni Nephi; oo,
siya ay naghirang ng mga taong
magsasalita sa mga Lamanita
mula sa kanilang mga tore, la-
ban sa mga Nephita.
2 At sa gayon niya pinukaw
ang kanilang mga puso laban
sa mga Nephita kung kaya't sa
pagtatapos ng ikalabingsiyam
na taon ng panunungkulan ng
mga hukom, siya na natupad
ang kanyang mga balak hang-
gang sa ngayon, oo, na naging
hari ng mga Lamanita, hina-
ngad din niyang maghari sa la-
hat ng dako ng buong lupain,
oo, at sa lahat ng tao na nasa
lupain, sa mga Nephita at ga-
yon din sa mga Lamanita.
3 Samakatwid naisakatupa-
ran niya ang kanyang balak,
sapagkat napatigas niya ang
mga puso ng mga Lamanita at
nabulag ang kanilang mga isi-
pan, at napukaw sila sa pagka-
galit, hanggang sa nakapanga-
lap siya ng napakalaking huk-
bo upang humayo sa digmaan
laban sa mga Nephita.
4 Sapagkat nagtika siya, dahil
sa kalakihan ng bilang ng kan-
yang mga tao, na gapiin ang
mga Nephita at dalhin sila sa
pagkaalipin.
5 At sa gayon siya naghirang
ng mga [a]punong kapitan sa mga
Zoramita, sila na higit na naka-
kikilala sa lakas ng mga Nephi-
ta, at sa kanilang mga lugar ng
dulugan, at sa mga pinakama-
hinang bahagi ng kanilang mga
lunsod; anupa't kanyang hini-
rang sila na maging mga pu-
nong kapitan ng kanyang mga
hukbo.
6 At ito ay nangyari na, na ni-
lisan nila ang kanilang kuta, at
nagtungo sa lupain ng Zara-
hemla sa ilang.
7 Ngayon ito ay nangyari na,
na samantalang nasa gayong
pangangalap ng kapangyarihan
si Amalikeo sa pamamagitan
ng pandaraya at panlilinlang,
si Moroni, sa kabilang dako, ay
[a]inihahanda ang mga pag-iisip
ng mga tao na maging matapat
sa Panginoon nilang Diyos.
8 Oo, pinalakas niya ang mga
hukbo ng mga Nephita, at nag-
tatayo ng maliliit na muog, o
mga lugar ng dulugan; nagta-
taas ng mga pampang ng lupa
sa paligid upang masangga-
lang ang kanyang mga hukbo,
at nagtayo rin ng mga pader na
bato upang ipalibot sa kanila,

**48** 5*a* Alma 43:6.
7*a* Alma 49:8.

sa paligid ng kanilang mga
lunsod at hangganan ng kani-
lang mga lupain; oo, sa lahat
ng paligid ng lupain.
9 At sa kanilang pinakamahi-
nang tanggulan ay nagtalaga
siya ng pinakamaraming bilang
ng tauhan; at sa gayon kinutaan
niya at pinalakas ang lupaing
pag-aari ng mga Nephita.
10 At sa gayon naghahanda si-
yang [a]itaguyod ang kanilang
kalayaan, kanilang mga lupa-
in, kanilang mga asawa, at ka-
nilang mga anak, at kanilang
kapayapaan, at upang sila ay
mabuhay sa Panginoon nilang
Diyos, at upang mapanatili nila
ang yaong tinatawag ng kani-
lang mga kaaway na layunin
ng mga Cristiyano.
11 At si Moroni ay isang mala-
kas at makapangyarihang lalaki;
siya ay isang lalaking may ga-
nap na [a]pang-unawa; oo, isang
lalaking hindi nagagalak sa pag-
papadanak ng dugo; isang lala-
king nagagalak ang kaluluwa sa
kalayaan ng kanyang bayan, at
ng kanyang mga kapatid mula
sa pagkaalipin at pagkabusabos;
12 Oo, isang lalaking tumata-
ba ang puso sa pagpapasala-
mat sa kanyang Diyos, para sa
maraming pribilehiyo at mga
pagpapalang ibinigay niya sa
kanyang mga tao; isang lala-
king nagpagal nang labis para
sa [a]kapakanan at kaligtasan ng
kanyang mga tao.
13 Oo, at siya'y isang lalaking
di matitinag sa pananampala-
taya kay Cristo, at siya ay [a]na-
numpa ng isang sumpang ipag-
tatanggol ang kanyang mga
tao, kanyang mga karapatan, at
kanyang bayan, at kanyang re-
lihiyon, maging hanggang sa
pagkaubos ng kanyang dugo.
14 Ngayon, ang mga Nephita
ay tinuruang ipagtanggol ang
kanilang sarili laban sa kanilang
mga kaaway, maging hanggang
sa pagdanak ng dugo kung ito
ay kinakailangan; oo, at sila ay
tinuruan ding [a]hindi nararapat
gumawa ng pagsalakay, oo, at
hindi kailanman magtataas ng
espada maliban kung ito ay la-
ban sa isang kaaway, maliban
kung ito ay upang pangalaga-
an ang kanilang mga buhay.
15 At ito ang kanilang pana-
nampalataya, na sa paggawa
nang gayon ay pauunlarin sila
ng Diyos sa lupain, o sa ibang
salita, kung sila ay tapat sa
pagsunod sa mga kautusan ng
Diyos na sila ay pauunlarin
niya sa lupain; oo, babalaan si-
lang tumakas, o maghanda
para sa digmaan, alinsunod sa
kanilang panganib;
16 At gayon din, na ipaaalam
ng Diyos sa kanila kung saan
sila magtutungo upang ipag-
tanggol ang kanilang sarili la-
ban sa kanilang mga kaaway,
at sa paggawa ng gayon, sila ay
ililigtas ng Panginoon; at ito
ang pananampalataya ni Mo-
roni, at ang kanyang puso ay

10*a* Alma 46:12–13.
11*a* GBK Pagkaunawa.
12*a* GBK Kapakanan.
13*a* Alma 46:20–22.
14*a* Alma 43:46–47;
3 Ne. 3:20–21;
Morm. 3:10–11;
D at T 98:16.

nagagalak dito; [a]hindi sa pag-
papadanak ng dugo kundi sa
paggawa ng kabutihan, sa pa-
ngangalaga ng kanyang mga
tao, oo, sa pagsunod sa mga ka-
utusan ng Diyos, oo, at pagla-
ban sa kasamaan.
17 Oo, sa katotohanan, sa ka-
totohanan sinasabi ko sa inyo,
kung ang lahat ng tao ay naging,
at matutulad, at maaaring ma-
ging katulad ni Moroni, mas-
dan, ang yaon ding kapangyari-
han ng impiyerno ay mayayanig
magpakailanman; oo, ang [a]di-
yablo ay hindi magkakaroon
ng kapangyarihan sa mga puso
ng mga anak ng tao.
18 Masdan, siya'y isang lala-
king katulad ni Ammon, na
anak ni Mosias, oo, at maging
ng iba pang mga anak ni Mosi-
as, oo, at si Alma rin at kanyang
mga anak, sapagkat silang la-
hat ay mga tao ng Diyos.
19 Ngayon masdan, si Hela-
man at ang kanyang mga kapa-
tid ay hindi nakabababa ng ka-
pakinabangan sa mga tao kaysa
kay Moroni; sapagkat ipinanga-
ral nila ang salita ng Diyos, at
bininyagan tungo sa pagsisisi
ang lahat ng tao kung sino man
ang makikinig sa kanilang mga
salita.
20 At sa gayon sila humayo, at
ang mga tao ay [a]nagpakumbaba
ng kanilang sarili dahil sa kani-
lang mga salita, kung kaya't
labis silang [b]pinagpala ng Pa-
nginoon, at sa gayon sila naka-
laya mula sa mga digmaan at
alitan sa kanila, oo, maging
hanggang sa loob ng apat na
taon.
21 Subalit, tulad ng aking si-
nabi, sa pagtatapos ng ikala-
bingsiyam na taon, oo, sa kabi-
la ng kanilang kapayapaan sa
kanila, bantulot na napilitan si-
lang labanan ang kanilang mga
kapatid, ang mga Lamanita.
22 Oo, at sa madaling salita,
ang kanilang mga pakikidigma
sa mga Lamanita ay hindi tu-
migil sa loob ng maraming
taon, sa kabila ng kanilang la-
bis na pag-aatubili.
23 Ngayon, sila ay [a]nalulung-
kot na humawak ng sandata la-
ban sa mga Lamanita, dahil sa
hindi sila nagagalak sa pagpa-
padanak ng dugo; oo, at hindi
lamang ito—sila ay nalulungkot
na maging dahilan sa pagpapa-
dala ng napakarami sa kanilang
mga kapatid sa labas ng daigdig
na ito patungo sa walang hang-
gang daigdig, na hindi handang
humarap sa kanilang Diyos.
24 Gayon pa man, hindi nila
mapahihintulutang ihain ang
kanilang mga buhay, na ang ka-
nilang mga [a]asawa at kanilang
mga anak ay malipol sa pama-
magitan ng mabangis na kalu-
pitan ng mga yaong minsan ay
kanilang mga kapatid, oo, at
[b]nagsitiwalag mula sa kanilang
simbahan, at sila ay iniwanan

16*a* Alma 55:19.
17*a* 1 Ne. 22:26; 3 Ne. 6:15.
20*a* GBK Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba.
*b* 1 Ne. 17:35.
23*a* D at T 42:45.
24*a* Alma 46:12.
*b* GBK Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan.

at humayo upang lipulin sila sa pamamagitan ng pag-anib sa mga Lamanita.
25 Oo, hindi nila maaatim na matuwa ang kanilang mga kapatid sa dugo ng mga Nephita, hangga't may sumusunod sa mga kautusan ng Diyos, sapagkat ang pangako ng Panginoon ay, kung susundin nila ang kanyang mga kautusan sila ay uunlad sa lupain.

## KABANATA 49

*Hindi magapi ng mga sumasalakay na mga Lamanita ang mga pinatibay na lunsod ng Ammonihas at Noe—Isinumpa ni Amalikeo ang Diyos at nangakong iinumin ang dugo ni Moroni—Si Helaman at ang kanyang mga kapatid ay nagpatuloy sa pagpapalakas sa simbahan. Mga 72 B.C.*

AT ngayon ito ay nangyari na, na sa ikalabing-isang buwan ng ikalabingsiyam na taon, sa ikasampung araw ng buwan, ang mga hukbo ng mga Lamanita ay nakitang papalapit patungo sa lupain ng Ammonihas.
2 At masdan, ang lunsod ay muling itinayo, at si Moroni ay nagtalaga ng isang hukbo sa mga hangganan ng lunsod, at sila ay nagtaas ng lupa sa paligid upang sumanggalang sa kanila mula sa mga palaso at mga bato ng mga Lamanita; sapagkat masdan, sila ay lumalaban sa pamamagitan ng mga bato at ng mga palaso.
3 Masdan, sinabi ko na ang lunsod ng [a]Ammonihas ay muling itinayo. Sinasabi ko sa inyo, oo, na ang bahagi nito ay muling itinayo; at dahil ito ay minsan nang winasak ng mga Lamanita dahil sa kasamaan ng mga tao, inakala nila na muli itong magiging madaling huli para sa kanila.
4 Subalit masdan, anong laki ng kanilang kabiguan; sapagkat masdan, ang mga Nephita ay nakapaghukay ng isang tagaytay ng lupa sa paligid nila, na napakataas kung kaya't hindi mabisang maipukol ng mga Lamanita ang kanilang mga bato at kanilang mga palaso sa kanila, ni hindi nila masalakay sila maliban lamang sa kanilang lugar ng pasukan.
5 Ngayon sa oras na ito ay labis na nanggilalas ang mga punong kapitan ng mga Lamanita, dahil sa karunungan ng mga Nephita sa paghahanda ng kanilang mga lugar ng dulugan.
6 Ngayon inakala ng mga pinuno ng mga Lamanita, dahil sa kalakihan ng kanilang bilang, oo, inakala nilang magkakaroon sila ng pribilehiyong salakayin sila tulad ng kanilang nagawa noon; oo, at hinandaan din nila ang kanilang sarili ng mga kalasag, at ng baluti sa dibdib at hinandaan din nila ang kanilang sarili ng mga kasuotang balat, oo, labis na makakapal na kasuotan upang matakpan ang kanilang kahubaran.
7 At dahil sa ganitong kahan-

**49** 3*a* Alma 16:2–3, 9, 11.

daan ay inakala nilang kanilang
madaling magagapi at mapapa-
sailalim ang kanilang mga kapa-
tid sa singkaw ng pagkaalipin, o
ang patayin at lipulin sila alin-
sunod sa kanilang ikasisiya.
8 Subalit masdan, sa kanilang
labis-labis na panggigilalas, sila
ay [a]nakahanda para sa kanila, sa
isang kaparaanang hindi pa ka-
ilanman nalaman sa mga anak
ni Lehi. Ngayon, sila ay naka-
handa para sa mga Lamanita,
upang makidigma alinsunod
sa mga tagubilin ni Moroni.
9 At ito ay nangyari na, na ang
mga Lamanita, o ang mga
Amalikeohita, ay labis-labis
ang panggigilalas sa kanilang
pamamaraan ng paghahanda
para sa digmaan.
10 Ngayon, kung si haring
Amalikeo ay humayo mula sa
[a]lupain ng Nephi, sa unahan ng
kanyang hukbo, ay baka iniu-
tos niya sa mga Lamanita na
salakayin ang mga Nephita sa
lunsod ng Ammonihas; sapag-
kat masdan, hindi niya pinaha-
halagahan ang dugo ng kan-
yang mga tao.
11 Subalit masdan, si Amalikeo
rin ay hindi humayo upang
makidigma. At masdan, ang
kanyang mga punong kapitan
ay hindi nagtangkang salaka-
yin ang mga Nephita sa lunsod
ng Ammonihas, sapagkat bina-
go ni Moroni ang pamamala-
kad ng mga pamumuhay sa
mga Nephita, kung kaya nga't
ang mga Lamanita ay nabigo sa
kanilang mga lugar ng dulugan
at hindi nila sila masalakay.
12 Anupa't sila ay umatras sa
ilang, at dinala ang kanilang
kuta at humayo patungo sa lu-
pain ng Noe, inaakalang yaon
ang susunod na mainam na lu-
gar para sa kanila upang masa-
lakay ang mga Nephita.
13 Sapagkat hindi nila nalala-
mang pinatibay ni Moroni, o
nagtayo ng mga [a]kuta ng dulu-
gan, ang bawat lunsod sa buong
lupain sa paligid; kaya nga, sila
ay humayo sa lupain ng Noe
nang may matatag na pagtitika;
oo, ang kanilang mga punong
kapitan ay nagsihayo at naki-
pagtipang kanilang lilipulin ang
mga tao ng lunsod na yaon.
14 Subalit masdan, sa kanilang
panggigilalas, ang lunsod ng
Noe, na noon ay mahinang lu-
gar, ngayon, dahil kay Moroni,
ay naging malakas, oo, maging
hanggang sa malampasan ang
lakas ng lunsod ng Ammonihas.
15 At ngayon, masdan, ito ay
karunungan ni Moroni; sapag-
kat kanyang inakala na sila ay
matatakot sa lunsod ng Ammo-
nihas; at dahil ang lunsod ng
Noe ang pinakamahinang baha-
gi ng lupain noon, anupa't sila
ay magtutungo roon upang ma-
kidigma; at gayon nga ito alin-
sunod sa kanyang mga naisin.
16 At masdan, hinirang ni
Moroni si Lehi na maging pu-
nong kapitan ng mga tauhan sa
lunsod na yaon; at ito ang [a]yaon
ding Lehi na nakipaglaban

8*a* Alma 48:7–10.
10*a* 2 Ne. 5:8; Omni 1:12; Alma 47:1.
13*a* Alma 48:8.
16*a* Alma 43:35.

sa mga Lamanita sa lambak na nasa silangan ng ilog Sidon.
17 At ngayon masdan ito ay nangyari na, nang matuklasan ng mga Lamanita na si Lehi ang namumuno sa lunsod ay muli silang nabigo, sapagkat labis silang natatakot kay Lehi; gayon pa man, ang kanilang mga punong kapitan ay nangako nang may panunumpa na sasalakayin ang lunsod; kaya nga, pinamunuan nila ang kanilang mga hukbo.
18 Ngayon masdan, ang mga Lamanita ay hindi makapasok sa kanilang mga kuta ng dulugan sa kahit anong pamamaraan maliban na lamang sa pasukan, dahil sa kataasan ng tagaytay na ginawa, at sa kalaliman ng bambang na hinukay sa paligid, maliban sa pasukan.
19 At sa gayon ang mga Nephita ay nahahandang patayin ang lahat ng mangangahas na umakyat upang makapasok sa kuta sa ibang daan, sa pamamagitan ng pagpupukol ng mga bato at palaso sa kanila.
20 Sa gayon sila nakahanda, oo, isang pangkat ng pinakamalakas nilang tauhan, na may mga espada at may mga tirador, upang patamaan ang lahat ng mangangahas na pumasok sa kanilang lugar ng dulugan sa lugar ng pasukan; at sa gayon sila nakahandang ipagtanggol ang sarili laban sa mga Lamanita.
21 At ito ay nangyari na, na ang mga kapitan ng mga Lamanita ay dinala ang kanilang mga hukbo sa harapan ng lugar ng pasukan, at nagsimulang makipaglaban sa mga Nephita, upang makapasok sa kanilang lugar ng dulugan; subalit masdan, sila ay naitataboy sa panapanahon, kung kaya't sila ay napatay nang malubhang pagkatay.
22 Ngayon, nang malaman nilang hindi sila makakukuha ng lakas laban sa mga Nephita sa daanan, sila ay nagsimulang humukay ng kanilang tagaytay upang sila ay magkaroon ng daanan patungo sa kanilang mga hukbo, upang sila ay magkaroon ng patas na labanan; subalit masdan, sa mga pagtatangkang ito sila ay tinatamaan ng mga bato at palasong ipinupukol sa kanila; at sa halip na mapuno ang kanilang mga bambang ng pinapatag na tagaytay ng lupa, sila ay napuno nang bahagya ng kanilang mga patay at sugatang mga katawan.
23 Sa gayon napasa mga Nephita ang lahat ng kapangyarihan sa kanilang mga kaaway; at sa gayon ang mga Lamanita ay nangahas na patayin ang mga Nephita hanggang sa ang lahat ng kanilang punong kapitan ay mapatay; oo, at mahigit sa isanlibo sa mga Lamanita ang napatay; samantalang, sa kabilang panig, ay wala ni isang katao man lamang sa mga Nephita ang napatay.
24 May mga limampung sugatan, na nalantad sa mga palaso ng mga Lamanita sa daanan, subalit sila ay pinagsanggalang ng kanilang mga kalasag,

at kanilang mga baluti sa dib-
dib, at kanilang mga baluti sa
ulo, kung kaya't ang kanilang
mga sugat ay nasa kanilang mga
paa, marami sa mga ito ay labis
na malulubha.
25 At ito ay nangyari na, nang
makita ng mga Lamanita na ang
kanilang mga punong kapitan
ay napatay nang lahat, sila ay
nagsitakas sa ilang. At ito ay
nangyari na, na sila ay bumalik
sa lupain ng Nephi, upang ipa-
alam sa kanilang hari, na si
Amalikeo, na isang Nephita sa
pagsilang, ang hinggil sa kani-
lang malaking pagkatalo.
26 At ito ay nangyari na, na la-
bis siyang nagalit sa kanyang
mga tao, dahil sa hindi niya na-
kuha ang kanyang nais sa mga
Nephita; hindi niya napasaila-
lim sila sa singkaw ng pagkaa-
lipin.
27 Oo, labis siyang napoot, at
[a]isinumpa niya ang Diyos, at ga-
yon din si Moroni, nangangako
nang may [b]panunumpa na iinu-
min niya ang kanyang dugo; at
ito ay dahil sa sinunod ni Moro-
ni ang mga kautusan ng Diyos
sa paghahanda para sa kaligta-
san ng kanyang mga tao.
28 At ito ay nangyari na, na sa
kabilang dako, [a]pinasalamatan
ng mga tao ni Nephi ang Pa-
nginoon nilang Diyos, dahil sa
kanyang walang kapantay na
kapangyarihan sa pagliligtas
sa kanila mula sa mga kamay
ng kanilang mga kaaway.
29 At sa gayon nagtapos ang
ikalabingsiyam na taon ng pa-
nunungkulan ng mga hukom
sa mga tao ni Nephi.
30 Oo, at nagkaroon ng patuloy
na kapayapaan sa kanila, at la-
bis na kasaganaan sa simbahan
dahil sa kanilang pagsunod at
pagsusumigasig na kanilang
ibinigay sa salita ng Diyos, na
ipinahayag sa kanila ni Hela-
man, at Siblon, at Corianton, at
ni Ammon at ng kanyang mga
kapatid, oo, at ng lahat ng yaong
inordenan sa banal na [a]orden ng
Diyos, matapos mabinyagan tu-
ngo sa pagsisisi, at isinugo na
mangaral sa mga tao.

## KABANATA 50

*Pinatibay ni Moroni ang mga lupain ng mga Nephita—Sila ay nagtayo ng maraming bagong lunsod—Nagdanas ng mga digmaan at pagkawasak ang mga Nephita sa mga araw ng kanilang kasamaan at mga karumal-dumal na gawain—Si Morianton at ang kanyang mga kasamang tumiwalag ay tinalo ni Tiankum—Si Nefihas ay pumanaw, at ang kanyang anak na si Pahoran ang humalili sa hukumang-luklukan. Mga 72–67 B.C.*

At ngayon ito ay nangyari na,
na si Moroni ay hindi tumigil
sa pagsasagawa ng mga pagha-
handa para sa digmaan, o sa
pagtatanggol sa kanyang mga
tao laban sa mga Lamanita; sa-
pagkat iniutos niya na ang kan-
yang mga hukbo ay magsimula

27*a* GBK Lapastangan, Kalapastanganan.
*b* Gawa 23:12.

28*a* GBK Salamat, Nagpapasalamat, Pasasalamat.

30*a* Alma 43:2.

sa pagsisimula ng ikadalawam-
pung taon ng panunungkulan
ng mga hukom, na sila ay mag-
simulang maghukay ng lupa sa
paligid ng lahat ng lunsod, sa
lahat ng dako ng buong lupain
na pag-aari ng mga Nephita.
2 At sa ibabaw ng mga tagay-
tay ng lupang ito ay iniutos niya
na magkaroon ng mga kahoy,
oo, mga gawang kahoy na itata-
yong kasingtaas ng tao, sa pali-
gid ng mga lunsod.
3 At iniutos niya na sa mga ga-
wang kahoy na ito ay magkaro-
on ng niyaring mga tulos na
itatayo sa mga kahoy sa pali-
gid; at ang mga ito ay matitibay
at matataas.
4 At iniutos niya na magtayo
ng mga toreng makatatanaw sa
mga yaong gawang tulos, at
kanyang iniutos na magtayo ng
mga lugar ng dulugan sa mga
toreng yaon, upang ang mga
bato at ang mga palaso ng mga
Lamanita ay hindi sila masaktan.
5 At sila ay nakahanda kung
kaya't makapupukol sila ng mga
bato mula sa itaas niyon, alin-
sunod sa kanilang kasiyahan at
kanilang lakas, at patayin siya
na mangangahas na lumapit sa
mga pader ng lunsod.
6 Sa gayon naghanda si Moroni
ng mga muog laban sa pagda-
ting ng kanilang mga kaaway,
sa paligid ng bawat lunsod sa
buong lupain.
7 At ito ay nangyari na, na ini-
utos ni Moroni na ang kanyang
mga hukbo ay humayo patungo
sa silangang ilang; oo, at sila ay
humayo at itinaboy ang lahat
ng Lamanita na nasa silangang
ilang patungo sa kanilang sari-
ling mga lupain, na nasa kati-
mugan ng lupain ng Zarahemla.
8 At ang lupain ng Nephi ay
humahanggan sa tuwid na lan-
das mula sa silangang dagat
hanggang sa kanluran.
9 At ito ay nangyari na, nang
maitaboy ni Moroni ang lahat
ng Lamanita palabas sa sila-
ngang ilang, na nasa kahilagaan
ng mga lupain na kanilang sari-
ling mga pag-aari, iniutos niya
sa lahat ng naninirahan na nasa
lupain ng Zarahemla at sa lupa-
in sa paligid na humayo sa sila-
ngang ilang, maging hanggang
sa mga hangganan ng dalampa-
sigan, at angkinin ang lupain.
10 At siya ay nagtalaga rin
ng mga hukbo sa katimugan,
sa mga hangganan ng kanilang
mga pag-aari, at inutusan silang
magtayo ng mga [a]kutaan upang
mapangalagaan nila ang kani-
lang mga hukbo at kanilang
mga tao mula sa mga kamay ng
kanilang mga kaaway.
11 At sa gayon pinutol niya
ang lahat ng muog ng mga
Lamanita sa silangang ilang,
oo, at gayon din sa kanluran,
pinatitibay ang hangganan sa
pagitan ng mga Nephita at ng
mga Lamanita, sa pagitan ng lu-
pain ng Zarahemla at lupain ng
Nephi, mula sa kanlurang da-
gat, humahanggan sa may bukal
ng ilog Sidon—inaari ng mga
Nephita ang lahat ng lupain sa
kahilagaan, oo, maging lahat

**50** 10*a* Alma 49:18–22.

ng lupaing nasa hilaga ng lupa-
in ng Masagana, alinsunod sa
kanilang kasiyahan.
12 Sa gayon si Moroni, kasa-
ma ang kanyang mga hukbo,
na dumarami sa araw-araw da-
hil sa katiyakan ng kaligtasang
ibinibigay ng kanyang mga
gawa sa kanila, ay nagawang
putulin ang lakas at kapangya-
rihan ng mga Lamanita mula
sa mga lupain na kanilang pag-
aari, upang sila ay mawalan ng
kapangyarihan sa mga lupaing
kanilang pag-aari.
13 At ito ay nangyari na, na si-
nimulan ng mga Nephita ang
saligan ng isang lunsod, at ti-
nawag nila ang pangalan ng
lunsod na Moroni; at ito ay
nasa may silangang dagat; at
ito ay nasa katimugan ng hang-
ganan ng mga pag-aari ng mga
Lamanita.
14 At sinimulan din nila ang
isang saligan para sa isang lun-
sod sa pagitan ng lunsod ng
Moroni at ng lunsod ng Aaron,
idinurugtong ang mga hangga-
nan ng Aaron at Moroni; at tina-
wag nila ang pangalan ng lun-
sod, o ang lupain, na Nefihas.
15 At sila ay nagsimula rin
sa taon ding yaon na magtayo
ng maraming lunsod sa kahila-
gaan, isa sa natatanging pama-
maraan na kanilang tinawag
na Lehi, na nasa kahilagaan sa
may mga hangganan ng da-
lampasigan.
16 At sa gayon nagtapos ang
ikadalawampung taon.
17 At nasa ganitong masaga-
nang kalagayan ang mga tao ni
Nephi sa pagsisimula ng ika-
dalawampu at isang taon ng
panunungkulan ng mga hu-
kom sa mga tao ni Nephi.
18 At sila ay labis na umun-
lad, at sila ay naging napakaya-
yaman; oo, at sila ay dumami at
naging makapangyarihan sa
lupain.
19 At sa gayon nakikita natin
na napakamaunawain at maka-
tarungan ang lahat ng pama-
maraan ng Panginoon, tungo
sa pagpapatupad ng lahat ng
kanyang mga salita sa mga
anak ng tao; oo, namamasdan
natin na ang kanyang mga sali-
ta ay napatunayan, maging
hanggang sa panahong ito, na
kanyang sinabi kay Lehi, sina-
sabing:
20 Pinagpala ka at ang iyong
mga anak; at sila ay pagpapala-
in, habang sinusunod nila ang
aking mga kautusan sila ay
uunlad sa lupain. Subalit paka-
tandaan, habang hindi nila si-
nusunod ang aking mga kautu-
san sila ay [a]itatakwil mula sa
harapan ng Panginoon.
21 At nakita natin na ang mga
pangakong ito ay napatunayan
sa mga tao ni Nephi; sapagkat
ang kanilang mga pag-aaway-
away at kanilang mga alitan,
oo, kanilang mga pagpaslang,
at kanilang mga pandaram-
bong, kanilang pagsamba sa
mga diyus-diyusan, kanilang
mga pagpapatutot, at kanilang
mga karumal-dumal na gawa-
in, na nasa kanila, ang nagdala
sa kanila ng kanilang mga dig-
maan at kanilang pagkalipol.

20*a* D at T 1:14.

22 At yaong matatapat sa pagsunod sa mga kautusan ng Panginoon ay naliligtas sa lahat ng panahon, habang libu-libo sa kanilang masasamang kapatid ay dinala sa pagkaalipin, o nasawi sa pamamagitan ng espada, o nanghina sa kawalang-paniniwala, at nakihalubilo sa mga Lamanita.

23 Subalit masdan hindi pa nagkaroon ng [a]higit na masayang panahon sa mga tao ni Nephi, magmula sa mga araw ni Nephi, kaysa sa mga araw ni Moroni, oo, maging sa panahong ito, sa ikadalampu at isang taon ng panunungkulan ng mga hukom.

24 At ito ay nangyari na, na ang ikadalawampu at dalawang taon ng panunungkulan ng mga hukom ay lumipas din sa kapayapaan; oo, at gayon din ang ikadalawampu at tatlong taon.

25 At ito ay nangyari na, na sa pagsisimula ng ikadalampu at apat na taon ng panunungkulan ng mga hukom, na nagkaroon din sana ng kapayapaan sa mga tao ni Nephi kung hindi dahil sa isang [a]alitang naganap sa kanila hinggil sa lupain ng Lehi, at sa lupain ng Morianton, na nagdurugtong sa mga hangganan ng Lehi; kapwa nasa mga hangganan ng dalampasigan.

26 Sapagkat masdan, ang mga taong nagmamay-ari sa lupain ng Morianton ay nag-angkin ng isang bahagi sa lupain ng Lehi; anupa't nagsimulang magkaroon ng mainit na alitan sa pagitan nila, hanggang sa ang mga tao ng Morianton ay humawak ng mga sandata laban sa kanilang mga kapatid, at nagtika sila sa pamamagitan ng espada na patayin sila.

27 Subalit masdan, ang mga taong nagmamay-ari sa lupain ng Lehi ay nagsitakas patungo sa kuta ni Moroni, at humingi ng tulong sa kanya; sapagkat masdan hindi sila ang nasa kamalian.

28 At ito ay nangyari na, nang ang mga tao ng Morianton, na pinamumunuan ng isang lalaki na nagngangalang Morianton, ay natuklasan na ang mga tao ng Lehi ay nagsitakas patungo sa kuta ni Moroni, sila ay labis na natakot at baka ang hukbo ni Moroni ay salakayin sila at lipulin sila.

29 Anupa't inilagay ni Morianton sa kanilang mga puso na nararapat silang tumakas patungo sa lupain na nasa kahilagaan, na napalilibutan ng malalaking katawan ng tubig, at angkinin ang lupain na nasa kahilagaan.

30 At masdan, natupad na sana nila ang plano na ito, (na magiging dahilan ng panaghuyan) subalit masdan, dahil si Morianton ay isang lalaking maraming kahalingan, kaya nga, siya ay nagalit sa isa sa kanyang mga babaing tagapagsilbi, at kanyang sinaktan siya at labis siyang binugbog.

31 At ito ay nangyari na, na siya ay tumakas, at nagtungo sa kuta ni Moroni, at sinabi kay

---

23*a* Mos. 2:41.

25*a* GBK Kaguluhan.

Moroni ang lahat hinggil sa ba-
gay na ito, at hinggil din sa kani-
lang mga hangaring tumakas
patungo sa lupaing kahilagaan.
32 Ngayon masdan, ang mga
tao na nasa lupaing Masagana, o
kaya'y si Moroni, ay natakot na
baka sila ay makinig sa mga sali-
ta ni Morianton at sumama sa
kanyang mga tao, at sa gayon
makukuha niya ang pag-aari ng
mga bahaging yaon ng lupain,
na maglalatag ng saligan ng ma-
lulubhang kahihinatnan sa mga
tao ni Nephi, oo, mga kahihinat-
nang magbubunga ng pagbag-
sak ng kanilang [a]kalayaan.
33 Kaya nga, si Moroni ay nag-
padala ng isang hukbo, kasama
ang kanilang kuta, upang hadla-
ngan ang mga tao ni Morianton,
upang mapigilan ang kanilang
pagtakas patungo sa lupaing ka-
hilagaan.
34 At ito ay nangyari na, na
hindi nila sila nahadlangan
hanggang sa sila ay makarating
sa mga hangganan ng lupaing
[a]Kapanglawan; at doon nila sila
nahadlangan, sa makitid na da-
anang nagtutuloy sa tabi ng da-
gat patungo sa lupaing kahila-
gaan, oo, sa tabing dagat, sa
kanluran at sa silangan.
35 At ito ay nangyari na, na
ang hukbong ipinadala ni Mo-
roni, na pinamumunuan ng
isang lalaki na nagngangalang
Tiankum, ay humarap sa mga
tao ni Morianton; at labis na
matitigas ang mga tao ni Mori-
anton, (dahil sa nahikayat ng
kanyang kasamaan at ng kan-
yang mahihibok na salita) kaya
nga nagsimula ang isang dig-
maan sa pagitan nila, kung saan
ay napatay ni Tiankum si Mori-
anton at tinalo ang kanyang
hukbo, at dinala silang mga bi-
hag, at bumalik sa kuta ni Mo-
roni. At sa gayon nagtapos ang
ikadalawampu at apat na taon
ng panunungkulan ng mga hu-
kom sa mga tao ni Nephi.
36 At sa gayon naibalik ang
mga tao ni Morianton. At sa ka-
nilang pakikipagtipan na pa-
nanatilihin ang kapayapaan sila
ay pinabalik sa lupain ng Mori-
anton, at isang kasunduan ang
namagitan sa kanila at sa mga
tao ng Lehi; at sila ay pinabalik
din sa kanilang mga lupain.
37 At ito ay nangyari na, na sa
taon ding yaon na naibalik sa
mga tao ni Nephi ang kanilang
kapayapaan, na si Nefihas, ang
pangalawang punong hukom,
ay namatay, matapos manung-
kulan sa hukumang-luklukan
nang may ganap na katwiran
sa harapan ng Diyos.
38 Gayon pa man, tinanggi-
hang kunin ni Alma ang pag-
aari ng mga talaang yaon at ya-
ong mga bagay na ipinalalagay
ni Alma at ng kanyang mga ama
na pinakabanal; kaya nga igina-
wad ni Alma ang mga iyon sa
kanyang anak, na si Helaman.
39 Masdan, ito ay nangyari
na, na ang anak ni Nefihas ay
hinirang na manungkulan sa
hukumang-luklukan, bilang ka-
halili ng kanyang ama; oo, siya
ay hinirang na maging punong

32*a* GBK Malaya, Kalayaan.
34*a* Alma 46:17.

hukom at gobernador ng mga
tao, nang may panunumpa at
banal na ordenansa na humatol
nang matwid, at panatilihin
ang kapayapaan at ang kalaya-
an ng mga tao, at ipagkaloob sa
kanila ang kanilang mga banal
na pribilehiyo na sambahin ang
Panginoon nilang Diyos, oo, na
itataguyod at pangangalagaan
ang layunin ng Diyos sa lahat
ng kanyang araw, at dalhin ang
masasama sa katarungan alin-
sunod sa kanilang mabibigat
na kasalanan.
40 Ngayon masdan, ang kan-
yang pangalan ay Pahoran. At
nanungkulan si Pahoran sa luk-
lukan ng kanyang ama, at sini-
mulan ang kanyang panunung-
kulan sa pagtatapos ng ikadala-
wampu at apat na taon, sa mga
tao ni Nephi.

## KABANATA 51

*Ang mga king-men ay naghangad na palitan ang batas at naghirang ng hari—Si Pahoran at ang mga freemen ay itinaguyod ng tinig ng mga tao—Pinilit ni Moroni ang mga king-men na ipagtanggol ang kanilang bayan o papatayin—Nasakop ni Amalikeo at ng mga Lamanita ang maraming pinatibay na lunsod—Naitaboy ni Tiankum ang pananalakay ng mga Lamanita at pinatay si Amalikeo sa kanyang tolda. Mga 67–66 B.C.*

At ngayon ito ay nangyari na,
na sa pagsisimula ng ikadala-
wampu at limang taon ng pa-
nunungkulan ng mga hukom
sa mga tao ni Nephi, matapos
nilang mapanatili ang kapaya-
paan sa pagitan ng mga tao ng
Lehi at ng mga tao ng Morian-
ton hinggil sa kanilang mga lu-
pain, at matapos simulan ang
ikadalawampu at limang taon
sa kapayapaan;
2 Gayon pa man, hindi nila
napanatiling matagal ang ga-
nap na kapayapaan sa lupain,
sapagkat nagsimulang magka-
roon ng alitan sa mga tao hing-
gil sa punong hukom na si Pa-
horan; sapagkat masdan, may
isang bahagi ng mga tao ang
nagnais na baguhin ang ilang
natatanging bahagi ng batas.
3 Subalit masdan, si Pahoran
ay tumangging baguhin ni ang
pahintulutang baguhin ang ba-
tas; anupa't hindi niya pina-
kinggan ang mga yaong nag-
pahayag ng kanilang mga tinig
lakip ang kanilang kahilingan
hinggil sa pagbabago ng batas.
4 Kaya nga, yaong mga nag-
nanais na baguhin ang batas ay
nagalit sa kanya, at nagnais na
hindi na siya ang maging pu-
nong hukom sa lupain; anupa't
nagkaroon ng mainit na pagta-
talo hinggil sa bagay na ito, su-
balit hindi hanggang sa pagda-
nak ng dugo.
5 At ito ay nangyari na, na ya-
ong mga nagnanais na matang-
gal si Pahoran sa hukumang-
luklukan ay tinawag na mga
king-men, sapagkat ninanais
nilang mabago ang batas sa pa-
raang maibagsak ang malayang
pamahalaan at magtaguyod ng
isang hari sa lupain.

6 At yaong mga nagnanais na manatili si Pahoran bilang punong hukom ng lupain ay pinangalanan ang kanilang sarili na mga freemen; at sa gayon sila nahahati, sapagkat ang mga freemen ay nangako o nakipagtipan na pananatilihin ang kanilang mga karapatan at ang kanilang mga pribilehiyo sa relihiyon sa pamamagitan ng malayang pamahalaan.

7 At ito ay nangyari na, na ang bagay na ito ng kanilang pag-aalitan ay isinaayos sa pamamagitan ng tinig ng mga tao. At ito ay nangyari na, na ang tinig ng mga tao ay nagpatibay sa panig ng mga freemen, at si Pahoran ay nanatili sa hukumang-luklukan, na naging dahilan ng labis na kasiyahan sa mga kapatid ni Pahoran at marami rin sa mga tao ng kalayaan, na nagpatahimik din sa mga king-men, kung kaya't hindi sila makatutol kundi napilitang panatilihin ang layunin ng kalayaan.

8 Ngayon, ang yaong mga sumasang-ayon sa mga hari ay yaong mga [a]maharlikang angkan, at hinangad nilang maging mga hari; at sila ay itinataguyod ng mga yaong naghahangad ng kapangyarihan at karapatan sa mga tao.

9 Subalit masdan, ito ay mapanganib na panahon para sa ganitong mga alitan sa mga tao ni Nephi; sapagkat masdan, muling pinukaw ni Amalikeo ang mga puso ng mga tao ng mga Lamanita laban sa mga tao ng mga Nephita, at siya ay nangalap ng mga kawal mula sa lahat ng bahagi ng kanyang lupain, at sinandatahan sila, at inihahanda para sa digmaan nang buong pagsusumigasig; sapagkat siya ay [a]nangakong iinumin niya ang dugo ni Moroni.

10 Subalit masdan, makikita natin na ang kanyang pangako na ginawa niya ay kahangalan; gayon pa man, inihanda niya ang kanyang sarili at ang kanyang mga hukbo upang makidigma laban sa mga Nephita.

11 Ngayon, ang kanyang mga hukbo ay hindi gaanong malaki na tulad ng dati, dahil sa maraming libu-libong napatay ng kamay ng mga Nephita; subalit sa kabila ng kanilang malaking kawalan, si Amalikeo ay nakapangalap ng kamangha-manghang malaking hukbo, kung kaya nga't hindi siya natakot na sumalakay sa lupain ng Zarahemla.

12 Oo, maging si Amalikeo rin ay sumalakay, sa unahan ng mga Lamanita. At ito ay sa ikadalawampu at limang taon ng panunungkulan ng mga hukom; at ito ay sa gayon ding oras nang sinimulan nilang ayusin ang mga bagay-bagay ng kanilang pag-aalitan hinggil sa punong hukom na si Pahoran.

13 At ito ay nangyari na, nang marinig ng mga taong tinatawag na king-men na ang mga Lamanita ay sumasalakay upang makidigma laban sa kanila, sila ay nagalak sa kani-

**51** 8*a* GBK Kapalaluan.
9*a* Alma 49:26–27.

lang mga puso; at sila ay tu-
mangging humawak ng mga
sandata, sapagkat sila ay labis
na napoot sa punong hukom,
at gayon din sa mga [a]tao ng ka-
layaan, kung kaya't sila ay tu-
mangging humawak ng mga
sandata upang ipagtanggol ang
kanilang bayan.
14 At ito ay nangyari na, nang
makita ito ni Moroni, at nakita
ring dumarating ang mga
Lamanita sa mga hangganan
ng lupain, siya ay labis na na-
poot dahil sa katigasan ng ya-
ong mga taong kanyang labis
na pinagsikapang pangalaga-
an; oo, siya ay labis na napoot;
ang kanyang puso ay napuspos
ng galit laban sa kanila.
15 At ito ay nangyari na, na
siya ay nagpadala ng kahili-
ngan, lakip ang tinig ng mga
tao, sa gobernador ng lupain,
hinihiling na basahin niya ito,
at bigyan siya (si Moroni) ng
kapangyarihan upang pilitin
ang mga tumiwalag na yaon na
ipagtanggol ang kanilang ba-
yan o sila ay patayin.
16 Sapagkat ito ang kanyang
unang hangarin, ang wakasan
ang mga gayong alitan at pagta-
talu-talo sa mga tao; sapagkat
masdan, ito ay naging dahilan
noon ng lahat ng kanilang pag-
kalipol. At ito ay nangyari na,
na ito ay pinahintulutan alin-
sunod sa tinig ng mga tao.
17 At ito ay nangyari na, na
inutusan ni Moroni ang kan-
yang hukbo na labanan ang
mga king-men na yaon, upang
hataking pababa ang kanilang
kapalaluan at kanilang kataa-
san at ipantay sila sa lupa, o
sila ay humawak ng mga san-
data at itaguyod ang layunin
ng kalayaan.
18 At ito ay nangyari na, na
ang mga hukbo ay humayo la-
ban sa kanila; at hinatak nila pa-
baba ang kanilang kapalaluan
at kanilang kataasan, kung kaya
nga't nang itaas nila ang kani-
lang mga sandata ng digmaan
upang labanan ang mga tauhan
ni Moroni sila ay pinabagsak at
ipinantay sa lupa.
19 At ito ay nangyari na, na
may apat na libo ng mga [a]tumi-
walag na yaon ang pinabagsak
ng espada; at yaong mga pinu-
no nila na hindi napatay sa dig-
maan ay dinakip at itinapon sa
bilangguan, sapagkat wala nang
oras para sa kanilang paglilitis
sa panahong ito.
20 At ang nalalabing mga tu-
miwalag na yaon, kaysa sa tag-
pasin sa lupa ng espada, ay su-
muko sa diwa ng kalayaan, at
napilitang itaas ang [a]bandila ng
kalayaan sa kanilang mga tore,
at sa kanilang mga lunsod, at
humawak ng mga sandata sa
pagtatanggol ng kanilang bayan.
21 At sa gayon winakasan ni
Moroni ang mga king-men,
kung kaya't wala nang nakilala
pa sa pangalang king-men; at
sa gayon nawakasan niya ang
katigasan at kapalaluan ng mga
yaong taong naghahayag na sila
ay mga dugong bughaw; sa ha-
lip sila ay ibinaba upang magpa-

13*a* Alma 46:10–16.
19*a* Alma 60:16.
20*a* Alma 46:12–13.

kumbaba ng kanilang sarili na katulad ng kanilang mga kapatid at makipaglaban nang buong giting para sa kanilang kalayaan sa pagkaalipin.

22 Masdan, ito ay nangyari na, na habang nasa gayong pagwasak si [a]Moroni ng mga digmaan at alitan sa kanyang sariling mga tao, at pinasasailalim sila sa kapayapaan at kabihasnan, at gumagawa ng mga alituntunin sa paghahanda para sa digmaan laban sa mga Lamanita, masdan, ang mga Lamanita ay nakarating sa lupain ng Moroni, na nasa mga hangganan sa may dalampasigan.

23 At ito ay nangyari na, na ang lakas ng mga Nephita ay hindi sapat sa lunsod ng Moroni; kaya nga naitaboy sila ni Amalikeo, na marami ang pinagpapapatay. At ito ay nangyari na, na inangkin ni Amalikeo ang lunsod, oo, inangkin ang lahat ng kanilang mga muog.

24 At yaong mga nagsitakas sa lunsod ng Moroni ay nagtungo sa lunsod ng Nefihas; at ang mga tao rin ng lunsod ng Lehi ay sama-samang tinipon ang kanilang sarili at gumawa ng mga paghahanda at nakahandang harapin ang mga Lamanita upang makidigma.

25 Subalit ito ay nangyari na, na tumangging pahintulutan ni Amalikeo ang mga Lamanita na sumalakay sa lunsod ng Nefihas upang makidigma, kundi pinanatili sila sa may dalampasigan, nag-iiwan ng mga tauhan sa bawat lunsod upang pangalagaan at ipagtanggol ito.

26 At sa gayon siya nagpatuloy, nag-aangkin ng maraming lunsod, ang lunsod ng Nefihas, at ang lunsod ng Lehi, at ang lunsod ng Morianton, at ang lunsod ng Omner, at ang lunsod ng Gid, at ang lunsod ng Mulek, ang lahat ng ito ay nasa silangang hangganan sa may dalampasigan.

27 At sa gayon nakakuha ang mga Lamanita, sa pamamagitan ng katusuhan ni Amalikeo, ng napakaraming lunsod, sa pamamagitan ng kanilang di mabilang na hukbo, ang lahat ng ito ay labis na pinatibay alinsunod sa [a]tanggulan ni Moroni; ang lahat ng ito ay nakapagbigay ng muog para sa mga Lamanita.

28 At ito ay nangyari na, na sila ay humayo sa mga hangganan ng lupain ng Masagana, itinataboy ang mga Nephita sa harapan nila at pinapatay ang marami.

29 At ito ay nangyari na, na sila ay hinarap ni Tiankum, na siyang [a]pumatay kay Morianton at hinadlangan ang kanyang mga tao sa kanyang pagtakas.

30 At ito ay nangyari na, na inunahan din niya si Amalikeo, habang siya ay humahayo kasama ang kanyang napakalaking hukbo upang maangkin niya ang lupaing Masagana, at ang lupain din sa kahilagaan.

31 Subalit masdan, siya ay

22*a* GBK Moroni, Kapitan.
27*a* Alma 48:8–9.
29*a* Alma 50:35.

nagdanas ng kabiguan dahil sa pagtataboy na ginawa ni Tiankum at ng kanyang mga tauhan, sapagkat sila ay mahuhusay na mandirigma; sapagkat bawat tauhan ni Tiankum ay nakahihigit sa mga Lamanita sa kanilang lakas at sa kanilang kasanayan sa digmaan, kung kaya nga't sila ay nagtamo ng kalamangan sa mga Lamanita.

32 At ito ay nangyari na, na kanilang niligalig sila, hanggang sa kanilang pinagpapatay sila maging hanggang sa magdilim. At ito ay nangyari na, na si Tiankum at ang kanyang mga tauhan ay nagtayo ng kanilang mga tolda sa mga hangganan ng lupain ng Masagana; at si Amalikeo ay nagtayo ng kanyang mga tolda sa mga hangganan sa may baybay ng dalampasigan, at sa gayong pamamaraan sila naitaboy.

33 At ito ay nangyari na, nang sumapit ang gabi, si Tiankum at ang kanyang tagapagsilbi ay palihim na umalis nang gumabi, at nagtungo sa kuta ni Amalikeo; at masdan, sila ay nadaig ng antok dahil sa kanilang labis na pagkapagod, na sanhi ng mga gawain at init ng araw.

34 At ito ay nangyari na, na si Tiankum ay palihim na nagtungo sa tolda ng hari, at tinuhog ng sibat ang kanyang puso; at madali niyang napatay ang hari kung kaya't hindi niya nagising ang kanyang mga tagapagsilbi.

35 At siya ay muling bumalik nang palihim sa kanyang sariling kuta, at masdan, ang kanyang mga tauhan ay natutulog, at kanyang ginising sila at sinabi sa kanila ang lahat ng bagay na kanyang ginawa.

36 At iniutos niyang maghanda ang kanyang mga hukbo, at baka ang mga Lamanita ay magising at salakayin sila.

37 At sa gayon nagtapos ang ikadalawampu at limang taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi; at sa gayon nagtapos ang mga araw ni Amalikeo.

## KABANATA 52

*Si Amoron ay humalili kay Amalikeo bilang hari ng mga Lamanita—Pinamunuan nina Moroni, Tiankum, at Lehi ang mga Nephita sa matagumpay na digmaan laban sa mga Lamanita—Ang lunsod ng Mulek ay nabawi, at napatay si Jacob, ang Zoramita. Mga 66–64 B.C.*

AT ngayon, ito ay nangyari na, na sa ikadalawampu at anim na taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi, masdan, nang magising ang mga Lamanita sa unang umaga ng unang buwan, masdan, natagpuan nilang patay na si Amalikeo sa kanyang sariling tolda; at nakita rin nilang nakahanda na si Tiankum na makidigma sa kanila sa araw na yaon.

2 At ngayon, nang makita ito ng mga Lamanita sila ay natakot; at tinalikdan nila ang kanilang balak na paghayo sa lupaing kahilagaan, at umurong ang kanilang buong hukbo patungo

sa lunsod ng Mulek, at nagha-
nap ng kaligtasan sa kanilang
mga muog.
3 At ito ay nangyari na, na ang
kapatid ni Amalikeo ay hini-
rang na maging hari ng mga
tao; at ang kanyang pangalan
ay Amoron; sa gayon si haring
Amoron, ang kapatid ni haring
Amalikeo, ay hinirang na ma-
ging hari bilang kanyang ka-
halili.
4 At ito ay nangyari na, na iniu-
tos niyang pangalagaan ng kan-
yang mga tao ang mga lunsod
na yaon, na nasakop nila sa pa-
mamagitan ng pagpapadanak
ng dugo; sapagkat wala silang
nasakop na anumang lunsod
maliban sa sila ay nagpadanak
ng maraming dugo.
5 At ngayon, nakita ni Tian-
kum na ang mga Lamanita ay
nagtikang pangalagaan ang
mga lunsod na yaon na kanilang
nasakop, at yaong mga bahagi
ng lupain na kanilang naangkin;
at nakikita rin ang kalakihan
ng kanilang bilang, inakala ni
Tiankum na hindi nila narara-
pat subukang salakayin sila sa
kanilang mga muog.
6 Subalit pinanatili niya ang
kanyang mga tauhan sa pali-
gid, na tila bagang naghahanda
para sa pakikidigma; oo, at tu-
nay siya ay naghahandang
ipagtanggol ang kanyang sarili
laban sa kanila, sa pamamagi-
tan ng [a]paggawa ng mga muog
sa paligid at paghahanda ng
mga lugar na makukublihan.
7 At ito ay nangyari na, na
siya ay nagpatuloy sa gayong
paghahanda para sa digmaan
hanggang sa si Moroni ay nag-
padala ng malaking bilang ng
mga tauhan upang palakasin
ang kanyang hukbo.
8 At si Moroni ay nagpadala
rin ng mga utos sa kanya na na-
rarapat niyang bantayan ang
lahat ng bihag na nahulog sa
kanyang mga kamay; sapagkat
ang mga Lamanita ay nakaku-
ha ng maraming bihag, na ban-
tayan niya ang lahat ng bihag
na mga Lamanita bilang pantu-
bos sa mga yaong nadakip ng
mga Lamanita.
9 At siya ay nagpadala rin ng
mga utos sa kanya na narara-
pat niyang patibayin ang lupa-
ing Masagana, at pangalagaan
ang [a]makitid na daanan na tu-
mutuloy sa lupaing kahilaga-
an, na baka makuha ng mga
Lamanita ang dakong yaon at
magkaroon ng lakas upang li-
galigin sila sa lahat ng panig.
10 At si Moroni ay nagpasabi
rin sa kanya, hinihiling sa kan-
ya na maging matapat siya sa
pangangalaga sa bahaging yaon
ng lupain, at gamitin niya ang
bawat pagkakataon upang ba-
gabagin ang mga Lamanita sa
bahaging yaon, sa abot ng kan-
yang makakaya, na baka saka-
ling muli niyang makuha sa
pamamagitan ng pakana o sa
iba pang paraan ang mga ya-
ong lunsod na nakuha mula sa
kanilang mga kamay; at na pa-

**52** 6*a* Alma 50:1–6; 53:3–5.
9*a* Alma 22:32; Morm. 2:29.

titibayin din niya at palalaka-
sin ang mga lunsod sa paligid,
na hindi nahulog sa mga ka-
may ng mga Lamanita.
11 At sinabi rin niya sa kanya,
magtutungo ako riyan sa iyo,
subalit masdan, sinalakay kami
ng mga Lamanita sa mga hang-
ganan ng lupain sa may kan-
lurang dagat; at masdan, lala-
banan ko sila, kaya nga hindi
ako maaaring magtungo riyan
sa iyo.
12 Ngayon, ang hari (si
Amoron) ay lumisan sa lupain
ng Zarahemla, at ipinaalam sa
reyna ang hinggil sa pagkama-
tay ng kanyang kapatid, at na-
ngalap ng malaking bilang ng
mga tauhan, at humayo laban
sa mga Nephita sa mga hang-
ganan sa may kanlurang dagat.
13 At sa gayon niya sinisikap
na ligaligin ang mga Nephita,
at ipagtabuyan ang ilang baha-
gi ng kanilang mga hukbo sa ba-
haging yaon ng lupain, habang
inutusan niya ang mga yaong
kanyang iniwanan na angkinin
ang mga lunsod na kanyang
nasakop, nang maligalig din
nila ang mga Nephita sa mga
hangganan ng silangang dagat,
at angkinin ang kanilang mga
lupain hangga't makakaya nila,
alinsunod sa lakas ng kanilang
mga hukbo.
14 At sa gayon ang mga Nephi-
ta ay nasa mga mapanganib na
katayuang yaon sa pagtatapos
ng ikadalawampu at anim na
taon ng panunungkulan ng mga
hukom sa mga tao ni Nephi.
15 Subalit masdan, ito ay nang-
yari na, na sa ikadalawampu at
pitong taon ng panunungkulan
ng mga hukom, na si Tiankum,
sa pag-uutos ni Moroni—na
nagtalaga ng mga hukbo upang
ipagtanggol ang katimugan at
ang kanlurang hangganan ng
lupain, at sinimulan ang kan-
yang paghayo patungo sa lu-
paing Masagana, upang matu-
lungan niya si Tiankum kasa-
ma ang kanyang mga tauhan sa
pagbawi ng mga lunsod na na-
wala sa kanila—
16 At ito ay nangyari na, na si
Tiankum ay nakatanggap ng
mga utos na gumawa ng pag-
salakay sa lunsod ng Mulek, at
bawiin ito kung maaari.
17 At ito ay nangyari na, na si
Tiankum ay gumawa ng pag-
hahanda upang magsagawa ng
pagsalakay sa lunsod ng Mu-
lek, at humayong kasama ang
kanyang hukbo laban sa mga
Lamanita; subalit nakita niya
na hindi nila maaaring magapi
sila habang sila ay nasa kani-
lang mga muog; kaya nga tina-
likdan niya ang kanyang balak
at muling bumalik sa lunsod
ng Masagana, upang hintayin
ang pagdating ni Moroni, nang
siya ay makatanggap ng lakas
sa kanyang hukbo.
18 At ito ay nangyari na, na si
Moroni ay dumating na kasama
ang kanyang hukbo sa lupain
ng Masagana, sa pagtatapos ng
ikadalawampu at pitong taon
ng panunungkulan ng mga hu-
kom sa mga tao ni Nephi.
19 At sa pagsisimula ng ika-
dalawampu at walong taon,

sina Moroni at Tiankum, at ma-
rami sa mga punong kapitan ay
nagkaroon ng pulong ng dig-
maan—kung ano ang kanilang
nararapat gawin upang maga-
wa nilang palabasin ang mga
Lamanita upang labanan sila
sa digmaan; o maaari nilang
linlangin sila sa anumang pa-
raan upang sila ay lumabas sa
kanilang mga muog, upang
sila ay makakuha ng kalama-
ngan laban sa kanila at muling
makuha ang lunsod ng Mulek.
20 At ito ay nangyari na, sila ay
nagpasugo ng mga mensahero
sa hukbo ng mga Lamanita, na
nagtatanggol sa lunsod ng Mu-
lek, sa kanilang pinuno, na nag-
ngangalang Jacob, hinihiling sa
kanya na siya ay lumabas na
kasama ang kanyang mga huk-
bo upang harapin sila sa kapa-
tagan na nasa pagitan ng dala-
wang lunsod. Subalit masdan,
si Jacob, na isang Zoramita, ay
tumangging lumabas na kasa-
ma ang kanyang hukbo upang
harapin sila sa kapatagan.
21 At ito ay nangyari na, na si
Moroni, na nawalan ng pag-
asang makaharap sila sa isang
patas na labanan, kaya nga,
siya ay bumuo ng isang plano
upang malinlang niyang luma-
bas ang mga Lamanita mula sa
kanilang mga muog.
22 Anupa't inutusan niya si
Tiankum na magsama ng mali-
it na bilang ng mga tauhan at
humayo sa malapit sa dalam-
pasigan; at si Moroni at ang
kanyang hukbo, sa gabi, ay hu-
mayo sa ilang, sa kanluran ng
lunsod ng Mulek; at sa gayon,
sa kinabukasan, nang matukla-
san ng mga bantay ng mga
Lamanita sina Tiankum, sila ay
nagsitakbo at sinabi ito kay Ja-
cob, na kanilang pinuno.
23 At ito ay nangyari na, na
ang mga hukbo ng mga Lama-
nita ay humayo laban kina Ti-
ankum, inaakalang sa pama-
magitan ng kanilang bilang ay
magagapi sina Tiankum dahil
sa kaliitan ng kanyang bilang.
At nang makita ni Tiankum
ang mga hukbo ng mga Lama-
nita na sumasalakay laban sa
kanya, siya ay nagsimulang
umurong pababa sa dalampa-
sigan, pahilaga.
24 At ito ay nangyari na, nang
makita ng mga Lamanita na siya
ay nagsimulang tumakas, luma-
kas ang kanilang loob at tinugis
sila nang matulin. At habang
inilalayo nina Tiankum ang mga
Lamanita na tumutugis sa ka-
nila nang walang saysay, mas-
dan, iniutos ni Moroni na isang
bahagi ng kanyang hukbo na
kasama niya ay humayo patu-
ngo sa lunsod, at angkinin ito.
25 At gayon ang ginawa nila,
at pinatay ang lahat ng yaong
naiwan upang ipagtanggol ang
lunsod, oo, lahat ng yaong tu-
mangging isuko ang kanilang
mga sandata ng digmaan.
26 At sa gayon nakuha ni Mo-
roni ang pag-aari ng lunsod ng
Mulek sa pamamagitan ng isang
bahagi ng kanyang hukbo, sa-
mantalang siya ay humayong
kasama ang nalalabi upang ha-
rapin ang mga Lamanita sa ka-

nilang pagbalik mula sa pagtu-
gis kina Tiankum.
27 At ito ay nangyari na, na
tinugis ng mga Lamanita sina
Tiankum hanggang sa sila ay
makarating sa malapit sa lunsod
ng Masagana, at pagkatapos sila
ay hinarap nina Lehi at ng isang
maliit na hukbo, na naiwanan
upang ipagtanggol ang lunsod
ng Masagana.
28 At ngayon masdan, nang
mamasdan ng mga punong ka-
pitan ng mga Lamanita si Lehi
at ang kanyang hukbo na suma-
salakay sa kanila, sila ay nagsi-
takas sa labis na pagkalito, na
baka hindi nila makuha ang lun-
sod ng Mulek bago sila maabu-
tan nina Lehi; sapagkat sila ay
napagod dahil sa kanilang pag-
hayo, at ang mga tauhan ni Lehi
ay hindi pagod.
29 Ngayon, hindi nalalaman ng
mga Lamanita na si Moroni ay
nasa likuran nila kasama ang
kanyang hukbo; at ang kinata-
takutan lamang nila ay si Lehi
at ang kanyang mga tauhan.
30 Ngayon, hindi nais nina
Lehi na sila ay maabutan hang-
gang sa makaharap nila si Mo-
roni at ang kanyang hukbo.
31 At ito ay nangyari na, na
bago pa nakaatras nang mala-
yo ang mga Lamanita sila ay
napaligiran na ng mga Nephi-
ta, ng mga tauhan ni Moroni sa
isang panig, at ng mga tauhan
ni Lehi sa kabila, lahat sila ay
pawang mga hindi pagod at
puno ng lakas; subalit ang mga
Lamanita ay pagod dahil sa ka-
nilang mahabang paghayo.
32 At inutusan ni Moroni ang
kanyang mga tauhan na sala-
kayin sila hanggang sa isuko
nila ang kanilang mga sandata
ng digmaan.
33 At ito ay nangyari na, na si
Jacob, na kanilang pinuno, na
isa ring [a]Zoramita, at may di
malupig na espiritu, pinamu-
nuan niya ang mga Lamanita
na makidigma sa masidhing
galit laban kina Moroni.
34 Sina Moroni na nasa kani-
lang daraanan, anupa't nagtika
si Jacob na patayin sila at mag-
hawan ng kanyang daraanan
patungo sa lunsod ng Mulek.
Subalit masdan, si Moroni at
ang kanyang mga tauhan ay hi-
git na malalakas; kaya nga hin-
di nila binigyang-daan ang mga
Lamanita.
35 At ito ay nangyari na, na
sila ay lumaban sa magkabi-
lang panig sa masidhing galit;
at marami ang napatay sa mag-
kabilang panig; oo, at si Moro-
ni ay nasugatan at si Jacob ay
napatay.
36 At si Lehi ay dumaluhong
sa kanilang likuran sa masid-
hing galit kasama ang kanyang
malalakas na tauhan, kung ka-
ya't ang mga Lamanita sa liku-
ran ay nagsuko ng kanilang mga
sandata ng digmaan; at ang
nalalabi sa kanila, sapagkat
labis na nalito, ay hindi mala-
man kung saan susuling o ha-
hataw.
37 Ngayon, si Moroni na naki-
kita ang kanilang pagkalito, si-
nabi niya sa kanila: Kung da-
dalhin ninyo ang inyong mga

33*a* Alma 31:12.

sandata ng digmaan at isusuko ang mga ito, masdan, ititigil namin ang pagpapadanak ng inyong dugo.
38 At ito ay nangyari na, nang marinig ng mga Lamanita ang mga salitang ito, ang kanilang mga punong kapitan, lahat ng yaong hindi napatay, ay lumapit at inihagis ang kanilang mga sandata ng digmaan sa paanan ni Moroni, at inutusan din ang kanilang mga tauhan na gayon din ang kanilang gawin.
39 Subalit masdan, marami ang tumanggi; at ang mga yaong tumangging isuko ang kanilang mga espada ay dinakip at iginapos, at ang kanilang mga sandata ng digmaan ay kinuha mula sa kanila, at napilitan silang humayo kasama ng kanilang mga kapatid patungo sa lupaing Masagana.
40 Ngayon, ang bilang ng mga bihag na nadakip ay nahigitan pa ang bilang ng mga yaong napatay, oo, higit pa sa yaong mga napatay sa magkabilang panig.

## KABANATA 53

*Ang mga bihag na mga Lamanita ay ginamit upang patibayin ang lunsod ng Masagana—Ang mga pagtitiwalag sa mga Nephita ang nagbibigay-daan sa mga pagtatagumpay ng mga Lamanita—Si Helaman ay namuno sa dalawang libong kabataang lalaki na mga anak ng mga tao ni Ammon. Mga 64–63 B.C.*

At ito ay nangyari na, na sila ay nagtalaga ng mga bantay sa mga bihag na mga Lamanita, at pinilit silang humayo at ilibing ang kanilang mga patay, oo, at ang mga patay rin ng mga Nephita na nasawi; at si Moroni ay nagtalaga ng mga tauhan upang bantayan sila habang ginagawa nila ang kanilang mga gawain.
2 At si Moroni ay nagtungo sa lunsod ng Mulek na kasama si Lehi, at kinuha ang pamumuno ng lunsod at ibinigay ito kay Lehi. Ngayon masdan, ang Lehi na ito ay isang lalaking nakasama ni Moroni sa malaking bahagi ng lahat ng kanyang pakikidigma; at siya ay lalaking [a]natutulad kay Moroni, at sila ay nagagalak sa kaligtasan ng bawat isa; oo, sila ay nagmamahalan sa isa't isa, at minamahal din ng lahat ng tao ni Nephi.
3 At ito ay nangyari na, na matapos mailibing ng mga Lamanita ang kanilang mga patay at ang mga patay rin ng mga Nephita, ay pinalakad sila pabalik sa lupaing Masagana; at si Tiankum, sa mga utos ni Moroni, ay nag-utos na magsimula silang gumawa sa paghuhukay ng mga bambang sa paligid ng lupain, o ng lunsod, ng Masagana.
4 At iniutos niya na magtayo sila ng [a]muog na kahoy sa loob ng pampang ng bambang; at sila ay nagtambak ng lupa ng bambang sa muog na kahoy; at sa

**53** 2*a* Alma 48:16–17. | 4*a* Alma 50:2–3.

gayon nila pinagawa ang mga Lamanita hanggang sa mapaligiran nila ang lunsod ng Masagana ng matatag na muog na kahoy at lupa, nang napakataas.
5 At ang lunsod na ito ay naging napakatibay na muog mula noon; at sa lunsod na ito nila binantayan ang mga bihag na mga Lamanita; oo, maging sa loob ng muog na kanilang iniutos sa kanila na itayo sa pamamagitan ng kanilang sariling mga kamay. Ngayon, si Moroni ay napilitang utusan ang mga Lamanita na gumawa, dahil sa madali silang bantayan habang nasa kanilang gawain; at kailangan niya ang lahat ng kanyang lakas kapag siya ay gagawa ng pagsalakay sa mga Lamanita.
6 At ito ay nangyari na, na si Moroni ay nagtamo ng tagumpay sa isa sa pinakamalakas na mga hukbo ng mga Lamanita, at nabawi ang pag-aari ng lunsod ng Mulek, na isa sa pinakamalakas na muog ng mga Lamanita sa lupain ng Nephi; at sa gayon din siya nakapagtayo ng muog upang mabantayan ang kanyang mga bihag.
7 At ito ay nangyari na, na hindi na siya nangahas pang makidigma sa mga Lamanita sa taong yaon, kundi pinagawa niya ang kanyang mga tauhan sa paghahanda para sa digmaan, oo, at sa paggawa ng mga muog upang magbantay laban sa mga Lamanita, oo, at sa pagliligtas din ng kanilang kababaihan at kanilang mga anak mula sa taggutom at paghihirap, at paglalaan ng pagkain para sa kanilang mga hukbo.
8 At ngayon ito ay nangyari na, na ang mga hukbo ng mga Lamanita, sa kanlurang dagat, sa katimugan, habang wala si Moroni dahil sa ilang di pagkakaunawaan sa mga Nephita, na pinagmulan ng mga pagtitiwalag sa kanila, ay nakakuha ng kaunting pagwawagi sa mga Nephita, oo, kung kaya't sila ay nakapag-angkin ng ilang bilang ng kanilang mga lunsod sa bahaging yaon ng lupain.
9 At sa gayon dahil sa kasamaan sa kanila, oo, dahil sa mga pagtitiwalag at di pagkakaunawaan sa kanila, sila ay nalagay sa napakamapanganib na katayuan.
10 At ngayon masdan, ako ay may sasabihin kahit paano hinggil sa mga [a]tao ni Ammon, na, noong una, ay mga Lamanita; subalit dahil kay Ammon at sa kanyang mga kapatid, o kaya'y dahil sa kapangyarihan at salita ng Diyos, sila ay [b]nagbalik-loob sa Panginoon; at sila ay dinala sa lupain ng Zarahemla, at mula noon ay ipinagtanggol na ng mga Nephita.
11 At dahil sa kanilang sumpa sila ay napipigilang humawak ng mga sandata laban sa kanilang mga kapatid; sapagkat sila ay gumawa ng panunumpang [a]hindi na sila magpapadanak pa ng dugo; at alinsunod sa kanilang sumpa sila ay nasawi na sana; oo, pahihintu-

10*a* Alma 27:24–26. *b* Alma 23:8–13. 11*a* Alma 24:17–19.

lutan na sana nila ang kanilang sarili na mahulog sa mga kamay ng kanilang mga kapatid, kung hindi lamang sa awa at labis na pagmamahal ni Ammon at ng kanyang mga kapatid sa kanila.
12 At dahil dito sila ay dinala sa lupain ng Zarahemla; at mula noon ay [a]ipinagtanggol na ng mga Nephita.
13 Subalit ito ay nangyari na, nang makita nila ang panganib, at ang maraming paghihirap at pagdurusang binabata ng mga Nephita para sa kanila, sila ay naantig sa pagkaawa at [a]nagnais na humawak ng mga sandata sa pagtatanggol ng kanilang bayan.
14 Subalit masdan, nang kukunin na nila ang kanilang mga sandata ng digmaan, sila ay nadaig ng mga pakiusap ni Helaman at ng kanyang mga kapatid, sapagkat [a]sisirain na sana nila ang [b]sumpang ginawa nila.
15 At si Helaman ay natakot na baka sa paggawa nito ay mawala ang kanilang mga kaluluwa; anupa't ang lahat ng yaong pumasok sa tipang ito ay napilitang masdan ang kanilang mga kapatid na danasin ang kanilang paghihirap, sa kanilang mapanganib na katayuan sa panahong ito.
16 Subalit masdan, ito ay nangyari na, na sila ay maraming anak na lalaki, na hindi nakipagtipan na hindi nila kukunin ang kanilang mga sandata ng digmaan upang ipagtanggol ang kanilang sarili laban sa kanilang mga kaaway; kaya nga sama-samang nagtipon sila ng kanilang sarili sa oras na ito, kasindami ng makapaghahawak ng sandata, at tinawag nila ang kanilang sariling mga Nephita.
17 At sila ay nakipagtipan na makikipaglaban para sa kalayaan ng mga Nephita, oo, na ipagtatanggol ang lupain hanggang sa pag-aalay ng kanilang buhay; oo, maging sila ay nakipagtipang hindi kailanman isusuko ang kanilang [a]kalayaan, kundi sila ay makikipaglaban sa lahat ng pagkakataon upang maipagtanggol ang mga Nephita at ang kanilang sarili mula sa pagkaalipin.
18 Ngayon masdan, may dalawang libo ang mga kabataang lalaking yaon, na pumasok sa tipang ito at kinuha ang kanilang mga sandata ng digmaan upang ipagtanggol ang kanilang bayan.
19 At ngayon masdan, sapagkat hindi pa sila nagiging pabigat sa mga Nephita, sila ngayon sa panahong ito ay naging isang malaking tulong din; sapagkat kinuha nila ang kanilang mga sandata ng digmaan, at ninais nilang si Helaman ang maging pinuno nila.
20 At lahat sila ay mga kabataang lalaki, at sila ay [a]napakagi-

12*a* Alma 27:23.
13*a* Alma 56:7.
14*a* Blg. 30:2.
*b* GBK Sumpa, Mga Sumpa.
17*a* Alma 56:47. GBK Malaya, Kalayaan.
20*a* GBK Lakas ng Loob, Malakas ang Loob.

giting, at gayon din sa lakas at
gawain; subalit masdan, hindi
lamang ito—sila'y kalalaki-
hang [b]matatapat sa lahat ng pa-
nahon sa anumang bagay na
ipinagkakatiwala sa kanila.
21 Oo, sila'y mga lalaki ng ka-
totohanan at maunawain, sa-
pagkat sila ay naturuang sumu-
nod sa mga kautusan ng Diyos
at [a]lumakad nang matwid sa
kanyang harapan.
22 At ngayon ito ay nangyari
na, na si Helaman ay humayo sa
unahan ng kanyang [a]dalawang
libong kabataang mga kawal,
upang tulungan ang mga tao sa
mga hangganan ng lupain sa
katimugan sa may kanlurang
dagat.
23 At sa gayon nagtapos ang
ikadalawampu at walong taon
ng panunungkulan ng mga hu-
kom sa mga tao ni Nephi.

## KABANATA 54

*Sina Amoron at Moroni ay naki-pagkasundo para sa palitan ng mga bihag—Mariing hiniling ni Moroni na umurong ang mga Lamanita at itigil ang kanilang mapangwasak na pananalakay—Mariing hiniling ni Amoron na ibaba ng mga Nephita ang kanilang mga sandata at pasailalim sa mga Lamanita. Mga 63 B.C.*

AT ngayon ito ay nangyari na,
na sa pagsisimula ng ikadala-
wampu at siyam na taon ng
mga hukom, na si [a]Amoron ay
nagpasabi kay Moroni hinihi-
ling sa kanya na makipagpali-
tan ng mga bihag.
2 At ito ay nangyari na, na si
Moroni ay nakaramdam ng la-
bis na kasiyahan sa kahilingang
ito, sapagkat kanyang kailangan
ang mga pagkaing ibinibigay
para sa mga bihag na mga
Lamanita para sa kanyang sari-
ling mga tao; at kailangan din
niya ang kanyang sariling mga
tao para sa pagpapalakas ng
kanyang hukbo.
3 Ngayon, ang mga Lama-
nita ay nakadakip ng mara-
ming babae at bata, at wala ni
isang babae ni bata sa lahat ng
bihag ni Moroni, o sa mga bi-
hag na nadakip ni Moroni;
kaya nga, si Moroni ay bu-
muo ng isang pakana upang
makakuha ng higit na mara-
ming bihag na mga Nephita
mula sa mga Lamanita hang-
ga't maaari.
4 Anupa't siya ay sumulat ng
isang liham, at ipinadala ito sa
tagapagsilbi ni Amoron, na
siya ring nagbigay ng liham
kay Moroni. Ngayon, ito ang
mga salitang isinulat niya kay
Amoron, sinasabing:
5 Masdan, Amoron, ako ay su-
mulat sa iyo kahit paano hinggil
sa digmaang ito na iyong pina-
simulan laban sa aking mga
tao, o kaya'y ang pinasimulan
ng iyong [a]kapatid laban sa ka-
nila, at ipinipilit mo pa ring
ipagpatuloy matapos ang kan-
yang kamatayan.

20*b* GBK Matapat, Katapatan.
21*a* GBK Lumakad, Lumakad na Kasama ng Diyos.
22*a* Alma 56:3–5.
**54** 1*a* Alma 52:3.
5*a* Alma 48:1.

6 Masdan, ako ay mangungusap sa iyo kahit paano hinggil sa [a]katarungan ng Diyos, at ang espada ng kanyang pinakamakapangyarihang poot, na nakaumang sa inyo maliban kung magsisisi ka at iuurong ang iyong mga hukbo sa inyong sariling mga lupain, o sa lupain na inyong pag-aari, ang lupain ng Nephi.

7 Oo, sasabihin ko sa iyo ang mga bagay na ito kung may kakayahan kang maunawaan ang mga ito; oo, sasabihin ko sa iyo ang hinggil sa yaong kakila-kilabot na [a]impiyerno na naghihintay na tumanggap ng mga [b]mamamatay-taong tulad mo at ng iyong kapatid, maliban kung magsisisi ka at iuurong ang iyong masasamang layunin, at magbalik kasama ang iyong mga hukbo sa inyong sariling mga lupain.

8 Subalit tulad nang minsang tanggihan ninyo ang mga bagay na ito, at nakipaglaban sa mga tao ng Panginoon, gayon din inaakala kong ito ay muli mong gagawin.

9 At ngayon masdan, kami ay nakahandang harapin kayo; oo, at maliban kung iuurong ninyo ang inyong mga layunin, masdan, hahatakin ninyong pababa ang poot ng Diyos na yaong itinatwa ninyo, maging hanggang sa lubusan ninyong pagkalipol.

10 Subalit, yamang buhay ang Panginoon, ang aming mga hukbo ay sasalakayin kayo maliban kung kayo ay uurong, at malapit na kayong dalawin ng kamatayan, sapagkat pananatilihin namin ang aming mga lunsod at aming mga lupain; oo, at pangangalagaan namin ang aming relihiyon at ang layunin ng aming Diyos.

11 Subalit masdan, inaakala kong kinakausap kita hinggil sa mga bagay na ito nang walang saysay; o inaakala ko na ikaw ay [a]anak ng impiyerno; anupa't isasara ko ang aking liham sa pamamagitan ng pagsasabi sa iyo na hindi ako makikipagpalitan ng bihag, maliban kung magpapalaya kayo ng isang lalaki at kanyang asawa at kanyang anak, para sa isang bihag; kung ganito ang iyong gagawin, ako ay makikipagpalitan.

12 At masdan, kung hindi ninyo gagawin ito, sasalakayin ko kayo na kasama ang aking mga hukbo; oo, maging sasandatahan ko ang aking kababaihan at aking mga anak, at sasalakayin ko kayo, at susundan ko kayo maging sa inyong sariling lupain, na lupain ng ating [a]unang mana; oo, at ito ay magiging dugo sa dugo, oo, buhay sa buhay; at ako ay makikidigma sa inyo maging hanggang sa kayo'y malipol sa balat ng lupa.

13 Masdan, ako'y nasa aking galit, at gayon din ang mga tao ko; hinangad ninyong paslangin kami, at hinangad lamang naming ipagtanggol ang aming sarili. Subalit masdan, kung ha-

6*a* GBK Katarungan.
7*a* GBK Impiyerno.
*b* Alma 47:18, 22–24. GBK Pagpaslang.
11*a* Juan 8:42–44.
12*a* 2 Ne. 5:5–8.

hangarin pa rin ninyong lipulin kami ay hahangarin naming lipulin kayo; oo, at kukunin namin ang aming mga lupain, ang lupain ng ating unang mana.

14 Ngayon isinasara ko ang aking liham. Ako si Moroni; ako ay pinuno ng mga tao ng mga Nephita.

15 Ngayon ito ay nangyari na, na si Amoron, nang matanggap niya ang liham na ito, ay nagalit; at siya ay sumulat ng isa pang liham kay Moroni, at ito ang mga salitang isinulat niya, sinasabing:

16 Ako si Amoron, ang hari ng mga Lamanita; ako'y kapatid ni Amalikeo na [a]pinaslang ninyo. Masdan, ipaghihiganti ko ang kanyang dugo sa iyo, oo, at sasalakayin kita na kasama ang aking mga hukbo sapagkat hindi ako natatakot sa mga pagbabanta mo.

17 Sapagkat masdan, inapi ng inyong mga ama ang kanilang mga kapatid, hanggang sa kanilang pagnakawan sila ng kanilang [a]karapatan sa pamahalaan gayong ito ay karapat-dapat lamang sa kanila.

18 At ngayon masdan, kung ibababa ninyo ang inyong mga sandata, at pasaiilalim ang inyong sarili na pamahalaan ng mga yaong karapat-dapat sa pamahalaan, doon ko lamang iuutos na ibaba ng aking mga tao ang kanilang mga sandata at hindi na makikidigma.

19 Masdan, nagsabi ka ng maraming pagbabanta laban sa akin at sa aking mga tao; subalit masdan, hindi kami natatakot sa mga pagbabanta mo.

20 Gayon pa man, papayag akong makipagpalitan ng mga bihag alinsunod sa iyong kahilingan, nang nagagalak, upang mailaan ko ang aking pagkain para sa aking mga tauhan ng digmaan; at magpapatuloy kami ng pakikidigma nang walang hanggan, maging sa pagpapasailalim sa mga Nephita sa aming kapangyarihan o sa kanilang walang hanggang pagkalipol.

21 At hinggil sa Diyos na yaon na iyong sinasabing aming tinanggihan, masdan, wala kaming nakikilalang gayong katauhan; ni kayo man; subalit kung may katauhan ngang gayon, ay hindi namin nalalaman kung siya nga ang lumikha sa amin at gayon din sa inyo.

22 At kung mayroon ngang diyablo at impiyerno, masdan, hindi ka ba niya ipadadala roon upang manirahang kasama ng aking kapatid na inyong pinaslang, na iyong ipinahiwatig na nagtungo siya sa isang lugar na gayon? Subalit masdan, ang mga bagay na ito ay walang halaga.

23 Ako si Amoron, at isang inapo ni [a]Zoram, na pinilit ng inyong mga ama at inilabas sa Jerusalem.

24 At masdan ngayon, ako ay magiting na Lamanita; mas-

16*a* Alma 51:34.
17*a* 2 Ne. 5:1–4; Mos. 10:12–17.
23*a* 1 Ne. 4:31–35.

dan, ang digmaang ito ay ipi-
nagpatuloy upang ipaghiganti
ang kanilang mga kaapihan, at
mapangalagaan at matamo ang
kanilang karapatan sa pama-
halaan; at isinasara ko ang
aking liham kay Moroni.

## KABANATA 55

*Si Moroni ay tumangging maki-
pagpalitan ng mga bihag—Ang
mga bantay na Lamanita ay naakit
na malango, at napalaya ang mga
bihag na mga Nephita—Ang lun-
sod ng Gid ay nabawi nang walang
pagdanak ng dugo. Mga 63–62 B.C.*

NGAYON ito ay nangyari na,
nang matanggap ni Moroni
ang liham na ito ay lalo siyang
nagalit, dahil sa nalalaman ni-
yang si Amoron ay may ganap
na kaalaman hinggil sa kanyang
[a]panlilinlang; oo, nalalaman ni-
yang alam ni Amoron na isang
hindi makatwirang layunin ang
nag-udyok sa kanya na ipagpa-
tuloy ang pakikidigma laban sa
mga tao ni Nephi.
2 At sinabi niya: Masdan, hindi
ako makikipagpalitan ng mga
bihag kay Amoron maliban
kung iuurong niya ang kan-
yang layunin, tulad ng aking
ipinahayag sa aking liham; sa-
pagkat hindi ko ipagkakaloob
sa kanya na magkaroon pa siya
ng karagdagang lakas nang hi-
git sa kanyang tinataglay.
3 Masdan, nalalaman ko ang
lugar kung saan binabantayan
ng mga Lamanita ang aking
mga tao na kanilang mga dina-
lang bihag; at dahil sa tumang-
ging ipagkaloob sa akin ni
Amoron ang aking liham, mas-
dan, ipagkakaloob ko sa kanya
ang naaayon sa aking mga sali-
ta; oo, maghahangad ako ng
kamatayan sa kanila hanggang
sa sila ang humiling ng kapa-
yapaan.
4 At ngayon ito ay nangyari na,
nang sabihin ni Moroni ang mga
salitang ito, iniutos niya na mag-
karoon ng paghahanap sa kan-
yang mga mga tauhan, na baka
siya ay makakita ng isang lala-
king inapo ni Laman sa kanila.
5 At ito ay nangyari na, na sila
ay nakatagpo ng isa, na nag-
ngangalang Laman; at siya ay
[a]isa sa mga tagapagsilbi ng hari
na pinaslang ni Amalikeo.
6 Ngayon iniutos ni Moroni
na si Laman at maliit na bilang
ng kanyang mga tauhan ay
magtungo sa mga bantay ng
mga Nephita.
7 Ngayon, ang mga Nephita
ay nababantayan sa lunsod ng
Gid; samakatwid hinirang ni
Moroni si Laman at iniutos na
siya ay samahan ng ilan sa kan-
yang mga tauhan.
8 At nang gumabi, si Laman
ay nagtungo sa mga bantay ng
mga Nephita, at masdan, kani-
lang nakita siya na dumarating
at kanilang tinawag siya; suba-
lit sinabi niya sa kanila: Huwag
kayong matakot; masdan, ako'y
isang Lamanita. Masdan, naka-
takas kami mula sa mga Nephi-
ta, at sila ay natutulog; at mas-

**55** 1*a* Alma 47:12–35.
5*a* Alma 47:29.

dan, kami ay kumuha ng mga
alak nila at dinala namin.
9 Ngayon, nang marinig ng
mga Lamanita ang mga salitang
ito ay kanilang tinanggap siya
nang may kagalakan; at sinabi
nila sa kanya: Bigyan mo kami
ng iyong alak, upang kami ay
makainom; nagagalak kaming
nakapagdala ka ng alak sapag-
kat kami'y napapagod.
10 Subalit sinabi ni Laman sa
kanila: Itabi natin ang ating
alak hanggang sa tayo ay su-
malakay laban sa mga Nephita
upang makidigma. Subalit sa si-
nabi niyang ito ay lalo lamang
silang naghangad na uminom
ng alak;
11 Sapagkat, sinabi nila: Kami
ay napapagod, kaya nga, tayo
ay uminom ng alak, at maya-
maya'y makatatanggap tayo
ng alak para sa ating panustos,
na magpapalakas sa atin upang
makipaglaban sa mga Nephita.
12 At sinabi ni Laman sa kani-
la: Maaari ninyong gawin ang
naaayon sa inyong mga naisin.
13 At ito ay nangyari na, na
malaya silang nagsiinom ng
alak; at masarap ito sa kanilang
panlasa, kaya nga, sila ay lalong
naging malaya sa pag-inom
nito; at ito ay matapang; dahil
sa inihanda itong matapang.
14 At ito ay nangyari na, na sila
ay uminom at nagsaya, at maya-
maya silang lahat ay nalango.
15 At ngayon, nang makita ni
Laman at ng kanyang mga tau-
han na nalango na silang lahat,
at nangahihimbing, nagsibalik
sila kay Moroni at sinabi sa
kanya ang lahat ng naganap.
16 At ngayon, ito ay alinsunod
sa balak ni Moroni. At sinanda-
tahan ni Moroni ang kanyang
mga tauhan ng mga sandata ng
digmaan; at siya ay nagtungo
sa lunsod ng Gid, habang nahi-
himbing ang mga Lamanita at
mga lango, at naghagis ng mga
sandata ng digmaan sa mga bi-
hag, hanggang sa silang lahat
ay nasandatahan;
17 Oo, maging ang kanilang
kababaihan, at lahat ng yaong
kanilang mga anak, kasindami
ng may kakayahang gumamit
ng sandata ng digmaan, nang
masandatahan ni Moroni ang
lahat ng bihag na yaon; at ang
lahat ng bagay na yaon ay nai-
sagawa sa napakalalim na ka-
tahimikan.
18 Subalit kung nagising nila
ang mga Lamanita, masdan,
sila ay mga lango at mapapatay
lamang sila ng mga Nephita.
19 Subalit masdan, hindi ito
ang hangarin ni Moroni; hindi
siya nagagalak sa pagpaslang
at [a]pagpapadanak ng dugo,
kundi siya ay nagagalak sa
pagliligtas ng kanyang mga tao
mula sa pagkalipol; at sa dahi-
lang ito siya ay hindi makaga-
gawa ng labag sa katarungan,
hindi niya sasalakayin ang mga
Lamanita at lipulin sila sa kani-
lang kalanguan.
20 Subalit natamo niya ang
kanyang mga hangarin; sapag-
kat nasandatahan niya yaong
mga bihag na mga Nephita na

19*a* Alma 48:16.

nasa loob ng mga muog ng lunsod, at nakapagbigay sa kanila ng kapangyarihan na maangkin ang mga yaong bahaging nasa loob ng muog.
21 At pagkatapos kanyang iniutos sa mga tauhang kasama niya na umurong nang kaunti mula sa kanila, at paligiran ang mga hukbo ng mga Lamanita.
22 Ngayon masdan ito ay ginawa sa gabi, kung kaya't nang magising ang mga Lamanita kinaumagahan ay namasdan nilang napaliligiran sila ng mga Nephita sa labas, at na ang kanilang mga bihag ay nasasandatahan sa loob.
23 At sa gayon nakita nila na ang mga Nephita ay may kapangyarihan sa kanila; at sa katayuang ito'y nalaman nila na hindi kapaki-pakinabang na sila ay makipaglaban sa mga Nephita; anupa't hiningi ng kanilang mga punong kapitan ang kanilang mga sandata ng digmaan, at dinala nila ang mga ito at inihagis sa paanan ng mga Nephita, nang nagmamakaawa.
24 Ngayon masdan, ito ang nais ni Moroni. Dinakip niya sila bilang mga bihag ng digmaan, at inangkin ang lunsod, at nag-utos na ang lahat ng bihag na mga Nephita, ay palayain; at sila ay umanib sa hukbo ni Moroni, at naging malaking lakas sa kanyang hukbo.
25 At ito ay nangyari na, na iniutos niya sa mga Lamanita, na kanyang mga nadakip na bihag, na sila ay magsimula sa [a]paggawa ng pagpapatibay ng mga muog sa paligid ng lunsod ng Gid.
26 At ito ay nangyari na, nang mapatibay niya ang lunsod ng Gid, alinsunod sa kanyang mga naisin, iniutos niyang dalhin ang kanyang mga bihag sa lunsod ng Masagana; at pinabantayan din niya ang lunsod na yaon sa napakalakas na hukbo.
27 At ito ay nangyari na, na ginawa nila, sa kabila ng lahat ng sapakatan ng mga Lamanita, na bantayan at tanuran ang lahat ng bihag na kanilang nadakip, at panatilihin din ang lahat ng kanilang nasasakupang lupain at ang kalamangang nabawi nila.
28 At ito ay nangyari na, na ang mga Nephita ay nagsimulang muling magtagumpay, at bawiin ang kanilang mga karapatan at kanilang mga pribilehiyo.
29 Maraming ulit na nangahas ang mga Lamanita na paligiran sila sa gabi, subalit sa mga pagtatangkang ito sila ay nawalan ng maraming bihag.
30 At maraming ulit nilang tinangkang bigyan ng kanilang mga alak ang mga Nephita, upang kanilang malipol sila sa pamamagitan ng lason o sa kalanguan.
31 Subalit masdan, ang mga Nephita ay hindi mabagal sa [a]pag-alaala sa Panginoon nilang Diyos sa ngayong panahon ng kanilang paghihirap. Hindi sila mahuli sa kanilang mga bi-

25*a* Alma 53:3–5.
31*a* Alma 62:49–51.

tag; oo, tumanggi silang inumin ang kanilang alak, maliban kung bigyan muna nila ang ilang bihag na mga Lamanita.

32 At sa gayon sila nag-ingat upang walang mapainom na lason sa kanila; sapagkat kung malalason ng kanilang alak ang isang Lamanita ay lalason din ito ng isang Nephita; at sa gayon nila sinubukan ang lahat ng kanilang alak.

33 At ngayon ito ay nangyari na, na kinakailangang gumawa si Moroni ng mga paghahanda upang salakayin ang lunsod ng Morianton; sapagkat masdan, ang mga Lamanita, sa pamamagitan ng kanilang mga paggawa, ay pinatibay ang lunsod ng Morianton hanggang sa ito ay maging napakalakas na muog.

34 At sila ay patuloy na nagpapadala ng mga karagdagang hukbo sa lunsod na yaon, at gayon din ng mga karagdagang panustos.

35 At sa gayon nagtapos ang ikadalawampu at siyam na taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi.

## KABANATA 56

*Si Helaman ay nagpadala ng liham kay Moroni, nagsasalaysay ng katayuan ng digmaan sa mga Lamanita—Sina Antipus at Helaman ay nakatamo ng malaking pagtatagumpay sa mga Lamanita—Ang dalawang libong kabataan na mga anak ni Helaman ay nakipaglaban nang may mapaghimalang lakas, at wala sa kanila ang napatay. Talata 1, mga 62 B.C.; talata 2–19, mga 66 B.C.; at talata 20–57, mga 65–64 B.C.*

At ngayon ito ay nangyari na, na sa pagsisimula ng ikatatlumpung taon ng panunungkulan ng mga hukom, sa ikalawang araw ng unang buwan, si Moroni ay nakatanggap ng liham mula kay Helaman, inilalahad ang mga pangyayari sa mga tao sa bahaging yaon ng lupain.

2 At ito ang mga salitang isinulat niya, sinasabing: Aking minamahal na kapatid, na Moroni, kapwa sa Panginoon at sa pagdurusa sa ating digmaan; masdan, mahal kong kapatid, ako ay may sasabihin sa iyo kahit paano hinggil sa aming pakikidigma sa dakong ito ng lupain.

3 Masdan, [a]dalawang libo ng mga anak ng mga yaong taong inilabas ni Ammon mula sa lupain ng Nephi—ngayon nalalaman mo na sila ay mga inapo ni Laman, na siyang pinakamatandang anak ng ating amang si Lehi;

4 Ngayon hindi ko na kailangang ilahad pa sa iyo ang hinggil sa kanilang mga kaugalian o kanilang kawalang-paniniwala, sapagkat nalalaman mo ang hinggil sa lahat ng bagay na ito—

5 Anupa't sapat na sa akin ang sabihin ko sa iyo na dalawang libo ng mga yaong kabataang lalaking ito ang humawak ng kanilang mga sandata ng digmaan, at ninais na ako ang ma-

**56** 3*a* Alma 53:22.

ging pinuno nila; at kami ay humayo upang ipagtanggol ang ating bayan.
6 At ngayon nalalaman mo rin ang hinggil sa [a]tipang ginawa ng kanilang mga ama, na hindi sila hahawak ng kanilang mga sandata ng digmaan laban sa kanilang mga kapatid upang magpadanak ng dugo.
7 Subalit sa ikadalawampu at anim na taon, nang makita nila ang ating mga paghihirap at ating mga pagdurusa para sa kanila, [a]sisirain na sana nila ang tipang ginawa nila at hahawak ng kanilang mga sandata ng digmaan upang ipagtanggol tayo.
8 Subalit hindi ko sila mapahihintulutan na kanilang sirain ang tipang ito na kanilang ginawa, inaakalang kami ay palalakasin ng Diyos, hanggang sa hindi na kami maghihirap pa dahil sa pagtupad sa sumpang ginawa nila.
9 Subalit masdan, narito ang isang bagay kung saan tayo ay maaaring magkaroon ng labis na kagalakan. Sapagkat masdan, sa ikadalawampu at anim na taon, ako, si Helaman, ay humayo sa unahan nitong dalawang libong kabataang lalaki patungo sa lunsod ng Judea, upang tulungan si Antipus, na siyang hinirang mong pinuno ng mga tao sa bahaging yaon ng lupain.
10 At sinamahan ko ang aking dalawang libong anak, (sapagkat sila ay karapat-dapat na tawaging mga anak) patungo sa hukbo ni Antipus, kung aling lakas ay labis na ikinasiya ni Antipus; sapagkat masdan, ang kanyang hukbo ay nabawasan ng mga Lamanita dahil sa nakapatay ang kanilang hukbo ng malaking bilang ng ating mga tauhan, kung aling pangyayari ay nararapat tayong magdalamhati.
11 Gayon pa man, maaaliw natin ang ating sarili sa bagay na ito, na sila ay namatay para sa kanilang bayan at sa kanilang Diyos, oo, at sila ay [a]maliligaya.
12 At ang mga Lamanita ay nakapagpanatili rin ng maraming bihag, lahat sila ay mga punong kapitan, sapagkat wala nang iba silang pinatawad na mabuhay. At inaakala namin na sila ngayon sa mga oras na ito ay nasa lupain ng Nephi; gayon nga ito kung hindi sila napatay.
13 At ngayon, ito ang mga lunsod na naangkin ng mga Lamanita sa pamamagitan ng pagpapadanak ng dugo ng napakarami sa ating magigiting na tauhan:
14 Ang lupain ng Manti, o ang lunsod ng Manti, at ang lunsod ng Zisrom, at ang lunsod ng Cumeni, at ang lunsod ng Antipara.
15 At ito ang mga lunsod na naangkin nila nang ako ay makarating sa lunsod ng Judea; at natagpuan ko si Antipus at ang kanyang mga tauhan na gumagawa nang buong lakas upang patibayin ang lunsod.

6*a* Alma 24:17–18.
7*a* Alma 53:13–15.
11*a* Alma 28:12.

16 Oo, at sila ay pinanghihinaan na ng katawan maging sa espiritu, sapagkat sila ay buong giting na nakikipaglaban sa araw at gumagawa sa gabi upang pangalagaan ang kanilang mga lunsod; at sa gayon sila nagdanas ng labis na paghihirap ng lahat ng uri.

17 At ngayon, sila ay nagtikang magwagi sa lugar na ito o mamatay; anupa't maaari mong akalain na itong maliit na hukbong dinala ko, oo, yaong mga anak ko, ay nagbigay sa kanila ng malaking pag-asa at labis na kagalakan.

18 At ngayon ito ay nangyari na, nang makita ng mga Lamanita na si Antipus ay nakatanggap ng karagdagang lakas sa kanyang hukbo, sila ay napilitan sa mga utos ni Amoron na huwag sumalakay sa lunsod ng Judea, o lumaban sa amin, upang makidigma.

19 At sa gayon kami pinagpala ng Panginoon; sapagkat kung sila ay sumalakay sa amin sa kahinaan naming ito na maaari na sana nilang malipol ang aming maliit na hukbo; subalit sa gayon kami pinangalagaan.

20 Sila ay inutusan ni Amoron na pangalagaan ang mga yaong lunsod na nasakop nila. At sa gayon nagtapos ang ikadalawampu at anim na taon. At sa pagsisimula ng ikadalawampu at pitong taon ay naihanda na namin ang ating lunsod at aming sarili sa pagtatanggol.

21 Ngayon, kami ay nagnanais na salakayin kami ng mga Lamanita; sapagkat hindi namin nais na salakayin sila sa kanilang mga muog.

22 At ito ay nangyari na, na kami ay naglagay ng mga tiktik sa paligid, upang bantayan ang mga galaw ng mga Lamanita, upang hindi nila kami malampasan sa gabi ni sa araw upang makasalakay sa iba nating mga lunsod na nasa kahilagaan.

23 Sapagkat nalalaman namin na sa mga lunsod na yaon ay hindi sapat ang kanilang lakas upang harapin sila; kaya nga, kami ay nagnais, kung kanilang lalampasan kami, na salakayin sila sa kanilang likuran, at sa gayon sila salakayin sa likuran at sa gayon ding oras ay makasagupa sila sa harapan. Inaakala naming magagapi namin sila; subalit masdan, kami ay nabigo sa aming naising ito.

24 Sila ay hindi nagtangkang lampasan kami ng kanilang buong hukbo, ni isang bahagi nila, at baka hindi sapat ang kanilang lakas at sila ay bumagsak.

25 Ni sila ay nagtangkang humayo laban sa lunsod ng Zarahemla; ni sila ay nagtangkang tawirin ang bukal ng Sidon, patungo sa lunsod ng Nefihas.

26 At sa gayon, sa pamamagitan ng kanilang mga hukbo, sila ay nagtikang pangalagaan ang mga lunsod na yaon na kanilang nasakop.

27 At ngayon ito ay nangyari na, na sa ikalawang buwan ng taong ito, may dinala sa aming maraming pagkain mula sa mga ama ng yaong aking dalawang libong anak.

28 At may ipinadala ring dalawang libong tauhan sa amin mula sa lupain ng Zarahemla. At sa gayon kami nakahanda nang may sampung libong tauhan, at mga pagkain para sa kanila, at para rin sa kanilang mga asawa at kanilang mga anak.
29 At ang mga Lamanita, dahil sa nakikitang dumarami ang aming mga hukbo sa araw-araw, at dumarating ang mga pagkain para sa aming panustos, nagsimula silang matakot, at nagsimulang biglaang sumasalakay, na kung maaari ay wakasan ang pagtanggap namin ng mga pagkain at lakas.
30 Ngayon, nang makita namin na ang mga Lamanita ay nagsimulang maging balisa sa paraang ito, nagnais kaming gumawa ng pakana sa kanila; anupa't si Antipus ay nag-utos na humayo ako kasama ang maliliit na anak ko patungo sa kalapit na lunsod, na tila bagang kami ay nagdadala ng mga pagkain para sa kalapit na lunsod.
31 At pinahayo kami sa malapit sa lunsod ng Antipara, na tila bagang magtutungo kami sa kasunod na lunsod, sa mga hangganan sa may dalampasigan.
32 At ito ay nangyari na, na kami ay humayo, na tila bagang may mga pagkain, upang magtungo sa lunsod na yaon.
33 At ito ay nangyari na, na si Antipus ay humayo kasama ang bahagi ng kanyang hukbo, iniwanan ang nalalabi upang pangalagaan ang lunsod. Subalit hindi siya humayo hangga't nakahayo na ako kasama ang maliit kong hukbo, at nakalapit sa lunsod ng Antipara.
34 At ngayon, sa lunsod ng Antipara nakahimpil ang pinakamalakas na hukbo ng mga Lamanita; oo, ang pinakamarami.
35 At ito ay nangyari na, nang maipaalam ito sa kanila ng kanilang mga tiktik, sila ay lumabas kasama ang kanilang hukbo at humayo laban sa amin.
36 At ito ay nangyari na, na kami ay nagsitakas sa harapan nila, pahilaga. At sa gayon namin naakay palayo ang pinakamalakas na hukbo ng mga Lamanita;
37 Oo, nang may kalayuan, kung kaya't nang makita nila ang hukbo ni Antipus na tumutugis sa kanila, nang kanilang buong lakas, na hindi sila lumiko sa kanan ni sa kaliwa, kundi ipinagpatuloy ang kanilang paghayo sa tuwid na landas sa pagtugis sa amin; at, tulad ng inaakala namin, kanilang layuning mapatay kami bago sila maunahan ni Antipus, at ito ay upang hindi sila mapaligiran ng aming mga tao.
38 At ngayon si Antipus, namamalas ang aming panganib, ay pinabilis ang paghayo ng kanyang hukbo. Subalit masdan, gabi na; kaya nga, kami ay hindi nila naunahan, ni hindi sila naunahan ni Antipus; anupa't nanguta kami para sa gabi.
39 At ito ay nangyari na, na bago sumapit ang pagsikat ng umaga, masdan, ang mga Lama-

nita ay tinutugis kami. Ngayon hindi sapat ang aming lakas upang makipaglaban sa kanila; oo, hindi ko mapahihintulutan na ang aking maliliit na anak ay bumagsak sa kanilang mga kamay; kaya nga ipinagpatuloy namin ang aming paglalakbay, at ginawa namin ang aming paglalakbay sa ilang.
40 Ngayon hindi sila nagtangkang lumiko sa kanan ni sa kaliwa at baka sila mapaligiran; ni hindi rin ako lumiko sa kanan ni sa kaliwa at baka maabutan nila ako, at hindi namin kayang humarap sa kanila, kundi mapatay, at gagawin nila ang kanilang pagtakas; at sa gayon kami tumakas sa buong maghapon sa ilang, maging hanggang sa magdilim.
41 At ito ay nangyari na, na muli, nang sumapit ang liwanag ng umaga ay nakita namin ang mga Lamanita na sumasalakay sa amin, at kami ay nagsitakas mula sa kanilang harapan.
42 Subalit ito ay nangyari na, na hindi nagtagal ang kanilang pagtugis sa amin nang tumigil sila; at ito ay sa umaga ng ikatlong araw ng ikapitong buwan.
43 At ngayon, kung naabutan man sila ni Antipus ay hindi namin nalalaman, subalit sinabi ko sa mga tauhan ko: Masdan, hindi natin nalalaman na baka tumigil sila sa layuning tayo ang sumalakay sa kanila, upang kanilang mahuli tayo sa kanilang bitag;
44 Kaya nga, ano ang masasabi ninyo, aking mga anak, haharapin ba ninyo sila upang makidigma?
45 At ngayon sinasabi ko sa iyo, mahal kong kapatid na Moroni, na hindi pa ako nakakikita ng labis na [a]katapangan, hindi pa, ni sa lahat ng Nephita.
46 Sapagkat tulad ng pagtawag ko sa kanila na aking mga anak (sapagkat silang lahat ay labis na napakabata pa) gayon man sinabi nila sa akin: Ama, masdan, kasama natin ang ating Diyos, at hindi niya pahihintulutang bumagsak tayo; samakatwid, tayo ay humayo; hindi natin papatayin ang ating mga kapatid kung kanilang hahayaan tayo; samakatwid, halina't tayo ay humayo, at baka magapi nila ang hukbo ni Antipus.
47 Ngayon hindi pa sila nakikipaglaban, gayon pa man sila ay hindi natakot sa kamatayan; at mas inisip pa nila ang [a]kalayaan ng kanilang mga ama kaysa sa kanilang sariling mga buhay; oo, sila ay tinuruan ng kanilang mga [b]ina, na kung hindi sila mag-aalinlangan, sila ay ililigtas ng Diyos.
48 At inilahad nila sa akin ang mga salita ng kanilang mga ina, sinasabing: Hindi kami nag-aalinlangan, nalalaman ito ng aming mga ina.
49 At ito ay nangyari na, na ako ay bumalik kasama ang aking dalawang libo laban sa mga Lamanita na ito na tumu-

45*a* Alma 53:20–21.
47*a* Alma 53:16–18.
*b* Alma 57:21.
GBK Ina.

tugis sa amin. At ngayon masdan, ang mga hukbo ni Antipus ay naabutan sila, at nagsimula ang isang kakila-kilabot na digmaan.

50 Ang hukbo ni Antipus na mga pagod dahil sa kanilang mahabang paglalakbay sa napakaikling panahon, ay magsisibagsak na sana sa mga kamay ng mga Lamanita; at kung hindi ako bumalik na kasama ang aking dalawang libo ay makakamtan na sana nila ang kanilang layunin.

51 Sapagkat si Antipus ay bumagsak sa pamamagitan ng espada, at marami sa kanyang mga pinuno, dahil sa kanilang kapaguran, na sanhi ng bilis ng kanilang paghayo—kaya nga, ang mga tauhan ni Antipus, na nalilito dahil sa pagbagsak ng kanilang mga pinuno, ay nagsimulang magbigay-daan sa harapan ng mga Lamanita.

52 At ito ay nangyari na, na ang mga Lamanita ay nagkalakas-loob, at nagsimulang tugisin sila; at sa gayon sila tinutugis ng mga Lamanita nang may labis na pagsusumigasig nang si Helaman ay dumating sa kanilang likuran kasama ang kanyang dalawang libo, at nagsimula silang labis na pagpapatayin, hanggang sa ang buong hukbo ng mga Lamanita ay tumigil at bumaling kay Helaman.

53 Ngayon, nang makita ng mga tao ni Antipus na nagsitalikod ang mga Lamanita, samasamang tinipon nila ang kanilang mga tauhan at muling sumalakay sa likuran ng mga Lamanita.

54 At ngayon ito ay nangyari na, na kami, ang mga tao ni Nephi, ang mga tao ni Antipus, at ako kasama ang aking dalawang libo, ay pinaligiran ang mga Lamanita, at pinagpapatay sila; oo, hanggang sa sila ay napilitang isuko ang kanilang mga sandata ng digmaan at gayon din ang kanilang sarili bilang mga bihag ng digmaan.

55 At ngayon ito ay nangyari na, nang isuko nila ang kanilang sarili sa amin, masdan, binilang ko ang mga yaong kabataan na kasama kong nakipaglaban, nangangambang baka marami sa kanila ang napatay.

56 Subalit masdan, sa aking labis na kagalakan, [a]wala ni isang katao sa kanila ang bumagsak sa lupa; oo, at sila ay nakipaglaban na tila bagang may lakas ng Diyos; oo, wala pang nalalamang nakipaglaban ang mga tao nang may gayong kahiwagang lakas; at lakip ang gayong makapangyarihang lakas nang sinalakay nila ang mga Lamanita, kung kaya't kanilang natakot sila; at dahil dito isinuko ng mga Lamanita ang kanilang sarili bilang mga bihag ng digmaan.

57 At dahil sa wala kaming paglalagyan para sa mga bihag namin, nang mabantayan namin sila upang matanuran namin sila mula sa mga hukbo ng

56*a* Alma 57:25; 58:39.

mga Lamanita, kaya nga ipina-
dala namin sila sa lupain ng
Zarahemla, at isang bahagi ng
mga yaong tauhan ni Antipus
na hindi napatay, na kasama
nila; at ang nalalabi ay isinama
ko at inianib sila sa aking kaba-
taang mga [a]Ammonita, at sini-
mulan ang aming paglalakbay
pabalik sa lunsod ng Judea.

## KABANATA 57

*Isinalaysay ni Helaman ang pagkuha sa Antipara at ang pagsuko at pagkatapos ang pagtatanggol sa Cumeni—Ang kanyang mga kabataang Ammonita ay magiting na nakipaglaban; silang lahat ay nasugatan, subalit walang napatay—Iniulat ni Gid ang pagkakapatay at ang pagtakas ng mga bihag na Lamanita. Mga 63 B.C.*

AT ngayon ito ay nangyari na,
na ako ay nakatanggap ng li-
ham mula kay Amoron, ang
hari, nagsasabi na kung ibibi-
gay ko ang mga yaong bihag ng
digmaan na nadakip namin ay
ibibigay niya ang lunsod ng
Antipara sa amin.
2 Subalit ako ay nagpadala ng
liham sa hari, na kami ay naka-
titiyak na sapat ang aming mga
hukbo upang makuha ang lun-
sod ng Antipara sa pamamagi-
tan ng aming lakas; at ang pag-
bibigay ng mga bihag para sa
lunsod na yaon ay inaakala na-
ming magiging kamangma-
ngan para sa amin, at ibibigay
lamang namin ang aming mga
bihag sa pakikipagpalitan.
3 At tinanggihan ni Amoron
ang aking liham, sapagkat tu-
manggi siyang makipagpalitan
ng mga bihag; kaya nga, kami
ay nagsimulang gumawa ng
mga paghahanda upang sala-
kayin ang lunsod ng Antipara.
4 Subalit iniwanan ng mga tao
ng Antipara ang lunsod, at
nagsitakas sa iba pa nilang
mga lunsod, na kanilang nasa-
kop upang patibayin ang mga
ito; at sa gayon ang lunsod ng
Antipara ay nahulog sa aming
mga kamay.
5 At sa gayon nagtapos ang
ikadalawampu at walong taon
ng panunungkulan ng mga hu-
kom.
6 At ito ay nangyari na, na sa
pagsisimula ng ikadalawampu
at siyam na taon, kami ay naka-
tanggap ng panustos na mga
pagkain, at ng karagdagan din
sa aming hukbo, mula sa lupa-
in ng Zarahemla, at mula sa lu-
pain sa paligid, sa bilang na
anim na libong tauhan, bukod
pa sa animnapu sa mga [a]anak
na lalaki ng mga Ammonita na
dumating upang umanib sa ka-
nilang mga kapatid, ang aking
maliit na pangkat na dalawang
libo. At ngayon masdan, kami
ay malakas, oo, at marami rin
kaming pagkain na dinala sa
amin.
7 At ito ay nangyari na, na
ninais naming makidigma sa
hukbong inihimpil upang ipag-
tanggol ang lunsod ng Cumeni.

57*a* Alma 27:26; 53:10–11, 16.
**57** 6*a* Alma 53:16–18.

8 At ngayon masdan, ipakikita ko sa iyo na di naglao'y nakamit din namin ang aming naisin; oo, sa pamamagitan ng aming malakas na hukbo, o ng isang bahagi ng aming malakas na hukbo, ay pinaligiran namin, sa gabi, ang lunsod ng Cumeni, ilang sandali bago sila tumanggap ng panustos na pagkain.

9 At ito ay nangyari na, na kami ay nagkuta sa paligid ng lunsod sa loob ng maraming gabi; subalit kami ay natulog sa aming mga espada, at nagtalaga ng mga bantay, upang hindi makasalakay ang mga Lamanita sa amin sa gabi at pagpapatayin kami, na maraming ulit na nilang tinangka; subalit sa maraming ulit nilang pagtatangkang ito ay umagos ang kanilang dugo.

10 At nang maglaon, ang kanilang mga pagkain ay dumating, at papasok na sana sila sa lunsod sa gabi. At kami, sa halip na mga Lamanita, ay mga Nephita; anupa't nadakip namin sila at kinuha ang kanilang mga pagkain.

11 At bagaman natambangan ang mga Lamanita sa kanilang panustos sa ganitong pamamaraan, nagtika pa rin silang pangalagaan ang lunsod; kaya nga kinailangang kunin namin ang mga pagkaing yaon at ipadala ito sa Judea, at ang aming mga bihag sa lupain ng Zarahemla.

12 At ito ay nangyari na, na hindi pa lumilipas ang maraming araw bago ang mga Lamanita ay nagsimulang mawalan ng pag-asang matulungan; anupa't isinuko nila ang lunsod sa aming mga kamay; at sa gayon namin natupad ang aming mga layunin na mapasaamin ang lunsod ng Cumeni.

13 Subalit ito ay nangyari na, na ang aming mga bihag ay napakarami na, sa kabila ng kalakihan ng aming bilang, kami ay napilitang gamitin ang lahat ng aming hukbo upang bantayan sila, o patayin sila.

14 Sapagkat masdan, sila ay magsisitakas nang maramihan, at makikipaglaban sa pamamagitan ng mga bato, at ng mga pamalo, o kahit anong bagay na mahahawakan nila ng kanilang mga kamay, hanggang sa kami ay nakapatay nang mahigit sa dalawang libo sa kanila matapos nilang isuko ang sarili bilang mga bihag ng digmaan.

15 Anupa't kinakailangan para sa amin, na wakasan namin ang kanilang mga buhay, o bantayan sila, hawak-hawak ang espada, patungo sa lupain ng Zarahemla; at gayon din, ang mga pagkain namin ay hindi na sapat para sa aming sariling mga tao, sa kabila ng mga yaong nakuha namin mula sa mga Lamanita.

16 At ngayon, sa maseselang kalagayang yaon, naging napakaselang bagay na pag-isipan ang hinggil sa mga bihag ng digmaang ito; gayon pa man, napagkaisahan naming ipadala sila sa lupain ng Zarahemla; kaya nga, kami ay pumili ng

ilan sa aming mga tauhan, at
binigyang-tagubilin sila sa mga
bihag namin upang makababa
patungo sa lupain ng Zara-
hemla.
17 Subalit ito ay nangyari na,
na kinabukasan sila ay buma-
lik. At ngayon masdan, hindi
namin sila tinanong hinggil sa
mga bihag; sapagkat masdan,
kami ay sinasalakay ng mga
Lamanita, at sila ay nakabalik
sa tamang oras upang mailig-
tas kami mula sa pagbagsak sa
mga kamay nila. Sapagkat
masdan, si Amoron ay nagpa-
dala sa kanila ng karagdagang
panustos na mga pagkain at
gayon din ng malaking hukbo
ng kalalakihan.
18 At ito ay nangyari na, na
ang mga yaong tauhang ipina-
dala namin kasama ang mga bi-
hag ay nakarating sa tamang
oras upang mapipilan sila, nang
madadaig na sana nila kami.
19 Subalit masdan, ang aking
maliit na pangkat ng dalawang
libo at animnapu ay lumaban
nang buong bagsik; oo, sila ay
matatag sa harapan ng mga
Lamanita, at nagbigay ng kama-
tayan sa lahat ng yaong luma-
ban sa kanila.
20 At habang ang nalalabi sa
aming hukbo ay magbibigay-
daan na sana sa mga Lamanita,
masdan, ang dalawang libo at
animnapung yaon ay nanatiling
matatag at hindi umuurong.
21 Oo, at sinunod nila at tinu-
pad gawin ang bawat salita ng
pag-uutos nang may kahustu-
han; oo, at maging alinsunod
sa kanilang pananampalataya
ay nangyari sa kanila; at nata-
tandaan ko ang mga salitang
sinabi nila sa akin na sila ay ti-
nuruan ng kanilang mga [a]ina.
22 At ngayon masdan, ang
aking mga anak na ito, at ang
mga yaong tauhang napili na
dalhin ang mga bihag, ang si-
yang pinagkakautangan namin
nitong malaking pagtatagum-
pay; sapagkat sila ang yaong
gumapi sa mga Lamanita; anu-
pa't naitaboy silang pabalik sa
lunsod ng Manti.
23 At napanatili namin ang
ating lunsod ng Cumeni, at
hindi nalipol na lahat sa pama-
magitan ng espada; gayon pa
man, kami ay nagdanas ng ma-
laking kawalan.
24 At ito ay nangyari na, na
matapos magsitakas ang mga
Lamanita, mabilis akong nagbi-
gay ng mga utos na ang aking
mga tauhang nasugatan ay ku-
nin at ihiwalay sa mga patay,
at iniutos na ang kanilang mga
sugat ay gamutin.
25 At ito ay nangyari na, na
may dalawang daan, mula sa
aking dalawang libo at anim-
napu, ang nawalan ng malay-
tao dahil sa kawalan ng dugo;
gayon pa man, alinsunod sa ka-
butihan ng Diyos, at sa aming
labis na panggigilalas, at sa
kagalakan din ng aming buong
hukbo, [a]wala ni isa mang katao
sa kanila ang nasawi; oo, at wala
ni isang katao sa kanila ang na-
katanggap ng maraming sugat.

21*a* Alma 56:47–48. 25*a* Alma 56:56.

26 At ngayon, ang pagkaka-
ligtas nila ay kagila-gilalas sa
aming buong hukbo, oo, na sila
ay maligtas samantalang may
isanlibo sa aming mga kapatid
ang napatay. At makatwirang
ipalagay namin ito sa mahima-
lang [a]kapangyarihan ng Diyos,
dahil sa kanilang labis na [b]pana-
nampalataya sa yaong itinuro
sa kanila na paniwalaan—na
may makatarungang Diyos, at
sinuman ang hindi mag-aalin-
langan, sila ay pangangalaga-
an ng kanyang kagila-gilalas
na kapangyarihan.
27 Ngayon, ito ang pananam-
palataya nila na mga tinutukoy
ko; sila ay mga bata, at ang kani-
lang mga pag-iisip ay di mati-
nag, at patuloy nilang ibinibigay
ang kanilang tiwala sa Diyos.
28 At ngayon ito ay nangyari
na, na matapos naming alagaan
ang aming mga sugatang tau-
han, at nailibing ang aming mga
patay at gayon din ang mga pa-
tay ng mga Lamanita, na ma-
rami, masdan, tinanong namin
si Gid hinggil sa mga bihag na
kanilang sinimulang ibaba sa
lupain ng Zarahemla.
29 Ngayon, si Gid ang punong
kapitan ng pangkat na hinirang
upang bantayan sila patungo
sa lupain.
30 At ngayon, ito ang mga
salitang sinabi ni Gid sa akin:
Masdan, nagsimula kaming bu-
maba patungo sa lupain ng
Zarahemla kasama ang aming
mga bihag. At ito ay nangyari
na, na nakaharap namin ang
mga tiktik ng ating mga hukbo,
na mga isinugo upang banta-
yan ang kuta ng mga Lamanita.
31 At nagsisigaw sila sa amin,
sinasabing—Masdan, ang mga
hukbo ng mga Lamanita ay hu-
mahayo patungo sa lunsod ng
Cumeni; at masdan, kanilang
sasalakayin sila, oo, at lilipulin
ang ating mga tao.
32 At ito ay nangyari na, na
narinig ng aming mga bihag
ang kanilang mga sigaw, na
nagpalakas ng kanilang loob;
at sila ay nagsipag-aklas sa
paghihimagsik laban sa amin.
33 At ito ay nangyari na, na
dahil sa kanilang paghihimag-
sik ay pinapangyari namin na
ang aming mga espada ay su-
mayad sa kanila. At ito ay
nangyari na, na sabay-sabay
nilang sinalubong ang aming
mga espada, kung saan ang
malaking bilang sa kanila ay
napatay; at ang nalabi sa kanila
ay nagpanakbuhan at nagsita-
kas mula sa amin.
34 At masdan, nang sila ay
magsitakas at hindi namin sila
naabutan, ay mabilis kaming
nagtungo sa lunsod ng Cumeni;
at masdan, tamang-tama ang
pagdating namin upang matu-
lungan namin ang ating mga
kapatid sa pangangalaga sa
lunsod.
35 At masdan, muli tayong
naligtas mula sa mga kamay ng
ating mga kaaway. At purihin
ang pangalan ng ating Diyos;
sapagkat masdan, siya ang
nagligtas sa atin; oo, ang gu-
mawa ng dakilang bagay na ito
para sa atin.

26*a* GBK Kapangyarihan.
*b* GBK Pananampala-
taya.

36 Ngayon ito ay nangyari na,
nang marinig ko, si Helaman,
ang mga salitang ito ni Gid,
ako ay napuspos ng kagalakan
dahil sa kabutihan ng Diyos sa
pangangalaga sa atin, upang
hindi tayo masawing lahat; oo,
at nagtitiwala ako na ang mga
kaluluwa nila na mga napatay
ay [a]pumasok na sa kapahinga-
han ng kanilang Diyos.

## KABANATA 58

*Nakuha nina Helaman, Gid, at Tiomner ang lunsod ng Manti sa pamamagitan ng pakana—Ang mga Lamanita ay umurong—Pinangalagaan ang mga anak ng mga tao ni Ammon samantalang di matinag silang nanindigan sa pagtatanggol ng kanilang kalayaan at relihiyon. Mga 63–62* B.C.

At masdan, ngayon ito ay
nangyari na, na ang aming su-
munod na layunin ay makuha
ang lunsod ng Manti; subalit
masdan, walang paraang mai-
layo namin sila mula sa lunsod
sa pamamagitan ng aming ma-
liliit na pangkat. Sapagkat mas-
dan, naalaala nila ang ginawa
namin noong una; anupa't hindi
namin sila [a]malinlang na luma-
yo sa kanilang mga muog.
2 At higit silang nakararami
kaysa sa aming hukbo kung ka-
ya't hindi namin tinangkang
harapin at salakayin sila sa ka-
nilang mga muog.
3 Oo, at kinailangang gamitin
namin ang aming mga tauhan sa
pangangalaga ng mga bahaging
yaon ng lupain na nabawi na-
min ang pagmamay-ari; kaya
nga, kinakailangang kami ay
maghintay, upang makatang-
gap kami ng karagdagang lakas
mula sa lupain ng Zarahemla at
gayon din ng karagdagang pa-
nustos na mga pagkain.
4 At ito ay nangyari na, na sa
gayon ako nagpasugo ng men-
sahero sa gobernador ng ating
lupain, upang maipaalam sa
kanya ang hinggil sa mga ba-
gay-bagay ng ating mga tao. At
ito ay nangyari na, na kami ay
naghintay na makatanggap ng
mga pagkain at lakas mula sa
lupain ng Zarahemla.
5 Subalit masdan, nakinabang
kami nang kaunti lamang dito;
sapagkat ang mga Lamanita
ay tumatanggap din ng labis
na lakas sa araw-araw, at ma-
rami ring pagkain; at gayon
ang aming kalagayan sa pana-
hong ito.
6 At ang mga Lamanita ay si-
nasalakay kami sa pana-pana-
hon, gumagamit ng pakana
upang lipulin kami; gayon pa
man, hindi kami maaaring ma-
kidigma sa kanila, dahil sa ka-
nilang mga dulugan at kani-
lang mga muog.
7 At ito ay nangyari na, na
kami ay naghintay sa ganitong
mahirap na kalagayan sa loob
ng maraming buwan, maging
hanggang sa masasawi na sana
kami dahil sa kawalan ng pag-
kain.
8 Subalit ito ay nangyari na, na

36*a* Alma 12:34.
**58** 1*a* Alma 52:21; 56:30.

kami ay nakatanggap ng pagka-
in, na binantayan para sa amin
ng isang hukbo ng dalawang li-
bong tauhan bilang tulong sa
amin; at ito lamang ang tulong
na natanggap namin, upang
ipagtanggol ang aming sarili at
ating bayan mula sa pagbagsak
sa mga kamay ng ating mga ka-
away, oo, upang labanan ang
kaaway na hindi mabilang.
9 At ngayon, ang dahilan ng
aming pagkapahiyang ito, o
ang dahilan kung bakit hindi
sila nagpadala ng karagdagan
pang lakas sa amin, ay hindi
namin nalalaman; kaya nga,
kami ay nalungkot at napuspos
din ng takot, at baka sa anu-
mang pamamaraan ay dalawin
kami ng mga paghahatol ng
Diyos sa ating lupain, tungo sa
ating pagkagapi at lubos na pag-
kalipol.
10 Anupa't ibinuhos namin
ang aming mga kaluluwa sa
panalangin sa Diyos, upang
palakasin niya kami at iligtas
kami mula sa mga kamay ng
ating mga kaaway, oo, at big-
yan din tayo ng lakas na mapa-
ngalagaan natin ang ating mga
lunsod, at ating mga lupain, at
ating mga pag-aari, para sa pag-
tataguyod ng ating mga tao.
11 Oo, at ito ay nangyari na,
na kami ay dinalaw ng mga pa-
niniyak ng Panginoon nating
Diyos na ililigtas niya kami; oo,
hanggang sa siya ay bumulong
ng kapayapaan sa aming mga
kaluluwa, at nagbigay sa amin
ng malaking pananampalata-
ya, at pinapangyaring kami ay
umasa ng aming kaligtasan sa
kanya.
12 At nagkalakas-loob kami sa
aming maliit na hukbo na na-
tanggap namin, at matatag na
nagtikang gapiin ang aming
mga kaaway, at na [a]panatilihin
ang ating mga lupain, at ating
mga pag-aari, at ating mga asa-
wa, at ating mga anak, at ang
layunin ng ating [b]kalayaan.
13 At sa gayon kami humayo
nang buong lakas namin laban
sa mga Lamanita, na nasa lun-
sod ng Manti; at itinayo namin
ang aming mga tolda sa bahagi
ng ilang, na malapit sa lunsod.
14 At ito ay nangyari na, na ki-
nabukasan, nang makita ng mga
Lamanita na kami ay nasa mga
hangganan ng ilang na malapit
sa lunsod, na sila ay nagpasugo
ng mga tiktik sa paligid namin
upang malaman nila ang bi-
lang at lakas ng aming hukbo.
15 At ito ay nangyari na, nang
makita nilang hindi kami mala-
kas, alinsunod sa aming mga bi-
lang, at natatakot na harangin
namin ang kanilang panustos
maliban kung sila ay lalabas
upang makidigma sa amin at
patayin kami, at inaakala ring
madali nila kaming malilipol
dahil sa napakalaki nilang huk-
bo, anupa't nagsimula silang
gumawa ng mga paghahanda
upang makasalakay sila at ma-
kidigma laban sa amin.
16 At nang makita namin na

12*a* Alma 46:12–13; Morm. 2:23.
*b* GBK Malaya, Kalayaan.

sila ay gumagawa ng mga paghahanda upang salakayin kami, masdan, pinakilos ko si Gid, kasama ang maliit na bilang ng mga tauhan, na magkubli sa ilang, at gayon din si Tiomner at maliit na bilang ng mga tauhan na magkubli rin sa ilang.
17 Ngayon, si Gid at ang kanyang mga tauhan ay nasa dakong kanan at ang iba'y nasa dakong kaliwa; at nang maikubli nila ang kanilang sarili, masdan, ako ay nanatili, kasama ang nalalabi sa aking hukbo, sa yaon ding lugar na una naming tinayuan ng aming mga tolda sa panahon ng pagsalakay ng mga Lamanita upang makidigma.
18 At ito ay nangyari na, na ang mga Lamanita ay sumalakay kasama ang kanilang napakalaking hukbo laban sa amin. At nang sila ay makalapit at sasalakayin na sana nila kami ng kanilang mga espada, inutusan ko ang aking mga tauhan, yaong mga kasama ko, na magsiurong sa ilang.
19 At ito ay nangyari na, na ang mga Lamanita ay mabilis kaming tinugis, sapagkat labis silang nagnanais na abutan kami upang mapatay nila kami; kaya nga sinundan nila kami sa ilang; at dumaan kami sa gitna nina Gid at Tiomner, kung kaya't hindi sila natuklasan ng mga Lamanita.
20 At ito ay nangyari na, nang ang mga Lamanita ay nakaraan na, o nang ang hukbo ay nakaraan na, sina Gid at Tiomner ay nagsilabas mula sa kanilang mga lugar na pinagkukublihan, at hinarang ang mga tiktik ng mga Lamanita upang hindi na sila makabalik pa sa lunsod.
21 At ito ay nangyari na, nang kanilang maharangan sila, na sila ay nagsitakbo patungo sa lunsod at sinalakay ang mga bantay na naiwan upang bantayan ang lunsod, hanggang sa kanilang nalipol sila at nasakop ang lunsod.
22 Ngayon, ito ay nagawa dahil sa itinulot ng mga Lamanita na ang kanilang buong hukbo, maliban sa iilang bantay lamang, na maakay palayo patungo sa ilang.
23 At ito ay nangyari na, na nasakop nina Gid at Tiomner sa pamamaraang ito ang kanilang mga muog. At ito ay nangyari na, na itinuloy namin ang aming pagtakas, matapos ang mahabang paglalakbay sa ilang patungo sa lupain ng Zarahemla.
24 At nang makita ng mga Lamanita na patungo sila sa lupain ng Zarahemla, na labis silang natakot, at baka may plano na binuo upang madala sila sa pagkalipol; anupa't nagsimula silang umurong patungong muli sa ilang, oo, maging pabalik sa yaon ding landas na dinaanan nila.
25 At masdan, sumapit ang gabi at itinayo nila ang kanilang mga tolda, sapagkat inakala ng mga punong kapitan ng mga Lamanita na napagod ang mga Nephita dahil sa kanilang paghayo; at inaakalang naitaboy

nila ang buo nilang hukbo, kaya nga hindi sila nag-isip hinggil sa lunsod ng Manti.
26 Ngayon ito ay nangyari na, nang sumapit ang gabi, iniutos ko na ang aking mga tauhan ay huwag magsitulog, sa halip sila ay magsipaghayo sa ibang daan patungo sa lupain ng Manti.
27 At dahil dito sa aming paghayo sa gabi, masdan, kinabukasan ay nalampasan namin ang mga Lamanita, kung kaya nga't naunahan namin sila na makarating sa lunsod ng Manti.
28 At sa gayon ito ay nangyari na, na sa pamamagitan ng pakanang ito ay naangkin namin ang lunsod ng Manti nang walang pagdanak ng dugo.
29 At ito ay nangyari na, nang ang mga hukbo ng mga Lamanita ay makarating sa malapit sa lunsod, at nakita nilang nakahanda kaming humarap sa kanila, ay labis silang nanggilalas at nakadama ng masidhing takot, kung kaya nga't sila ay nagsitakas sa ilang.
30 Oo, at ito ay nangyari na, na ang mga hukbo ng mga Lamanita ay nagsitakas sa lahat ng bahaging ito ng lupain. Subalit masdan, sila ay nagtangay ng maraming babae at bata mula sa lupain.
31 At ang mga [a]yaong lunsod na nasakop ng mga Lamanita, lahat ng yaon sa mga oras na ito'y nasa aming pag-aari; at ang aming mga ama at aming kababaihan, at aming mga anak ay nagsisibalik sa kani-kanilang mga tahanan, lahat maliban sa mga yaong nadalang bihag at tinangay ng mga Lamanita.
32 Subalit masdan, ang aming hukbo ay maliit upang mapangalagaan ang napakaraming lunsod at napakalaking pagaari.
33 Subalit masdan, kami ay nagtitiwala sa aming Diyos na siyang nagbigay sa amin ng tagumpay sa mga lupaing yaon, kaya nga't nakuha namin ang mga lunsod na yaon at mga lupaing yaon, na pag-aari natin.
34 Ngayon hindi namin nalalaman ang dahilan ng hindi pagpapadala ng pamahalaan sa amin ng karagdagang lakas; ni hindi rin nalalaman ng mga tauhang yaon na ipinadala sa amin kung bakit hindi kami nakatanggap ng karagdagang lakas.
35 Masdan, hindi namin nalalaman kung nabigo kayo, at kinailangan ninyo ng mga hukbo sa dakong iyan ng lupain; kung nagkagayon, hindi namin nais na dumaing.
36 At kung hindi gayon, masdan, kami ay nangangamba na baka may [a]pagkakahati sa pamahalaan, kung kaya't hindi sila nagpapadala ng karagdagang tauhan upang tulungan kami; sapagkat nalalaman naming higit na marami sila kaysa sa ipinadala nila.
37 Subalit masdan, ito ay hindi na mahalaga—nagtitiwala kaming [a]ililigtas kami ng Diyos, sa kabila ng kahinaan ng aming mga hukbo, oo, at ililigtas kami

31*a* Alma 56:14.
36*a* Alma 61:1–5.
37*a* 2 Hari 17:38–39.

mula sa mga kamay ng ating
mga kaaway.
38 Masdan, ito ang ikadalawampu at siyam na taon, sa ikahuling bahagi, at nasa pagaari na namin ang ating mga lupain; at ang mga Lamanita ay nagsitakas patungo sa lupain ng Nephi.
39 At ang mga anak ng mga yaong tao ni Ammon, na labis kong ipinagmamapuri, ay kasama ko sa lunsod ng Manti; at itinaguyod sila ng Panginoon, oo, at pinangalagaan sila upang hindi magsibagsak sa pamamagitan ng espada, kung kaya't maging [a]isang katao ay hindi napatay.
40 Subalit masdan, nakatanggap sila ng maraming sugat; gayon pa man sila ay hindi natinag sa [a]kalayaang yaon kung saan sila ginawang malaya ng Diyos; at sila ay mahigpit sa pag-alaala sa Panginoon nilang Diyos sa araw-araw; oo, patuloy nilang sinusunod ang kanyang mga batas, at kanyang mga kahatulan, at kanyang mga kautusan; at malakas ang kanilang pananampalataya sa mga propesiya hinggil sa yaong darating.
41 At ngayon, mahal kong kapatid, Moroni, nawa ang Panginoon nating Diyos, na siyang tumubos at nagpalaya sa atin, ay patuloy kang pangalagaan sa kanyang harapan; oo, at nawa ay itaguyod niya ang mga taong ito, maging sa magtagumpay ka sa pananakop ng lahat ng yaong kinuha ng mga Lamanita mula sa atin, para sa ating panustos. At ngayon masdan, tinatapos ko ang aking liham. Ako si Helaman, ang anak ni Alma.

## KABANATA 59

*Hiniling ni Moroni kay Pahoran na palakasin ang mga hukbo ni Helaman—Sinakop ng mga Lamanita ang lunsod ng Nefihas—Si Moroni ay nagalit sa pamahalaan. Mga 62 B.C.*

NGAYON ito ay nangyari na, na sa ikatatlumpung taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi, matapos na matanggap ni Moroni at mabasa ang [a]liham ni Helaman, siya ay labis na nagsaya dahil sa kagalingan, oo, sa malaking tagumpay ni Helaman, sa pagkuha ng mga lupaing yaon na nawala.
2 Oo, at ipinaalam niya ito sa lahat ng kanyang mga tao, sa lahat ng lupain sa paligid sa bahaging yaon na kinaroroonan niya, upang sila ay magsaya rin.
3 At ito ay nangyari na, na kaagad siyang nagpadala ng [a]isang liham kay [b]Pahoran, hinihinging mangalap siya ng mga tauhan upang palakasin sina Helaman, o ang mga hukbo ni Helaman, hanggang sa magawa niyang mapangalagaan nang buong gaan ang bahaging yaon ng lupain na mahimalang matagumpay niyang nabawi.

39*a* Alma 56:56.
40*a* GBK Malaya, Kalayaan.
**59** 1*a* Alma 56:1.
3*a* Alma 60:1–3.
*b* Alma 50:40.

4 At ito ay nangyari na, nang
ipadala ni Moroni ang liham
na ito sa lupain ng Zarahemla,
siya ay nagsimulang muling
bumuo ng plano upang makuha niya ang mga nalalabi sa
pag-aaring yaon at mga lunsod
na nakuha ng mga Lamanita
mula sa kanila.
5 At ito ay nangyari na, na habang si Moroni ay gumagawa
ng mga paghahanda upang humayo laban sa mga Lamanita
sa digmaan, masdan, ang mga
tao ng Nefihas, na sama-samang tinipon mula sa lunsod
ng Moroni at sa lunsod ng Lehi
at sa lunsod ng Morianton, ay
sinalakay ng mga Lamanita.
6 Oo, maging ang mga yaong
napilitang tumakas mula sa lupain ng Manti, at sa lupain sa
paligid, ay nagsidating at umanib sa mga Lamanita sa bahaging ito ng lupain.
7 At sa gayon dahil sa napakarami, oo, at tumatanggap ng lakas sa araw-araw, sa utos ni
Amoron ay sinalakay nila ang
mga tao ng Nefihas, at sinimulan nilang patayin sila ng labis
na malaking pagkatay.
8 At ang kanilang mga hukbo
ay napakalaki kung kaya't ang
mga nalalabing tao ng Nefihas
ay napilitang magsitakas sa kanilang harapan; at sila ay dumating at umanib sa hukbo ni
Moroni.
9 At ngayon dahil sa inakala ni
Moroni na may mga tauhang
ipinadala sa lunsod ng Nefihas,
upang matulungan ang mga tao
na pangalagaan ang lunsod na
yaon, at nalalamang higit na
madaling ipagtanggol ang lunsod mula sa pagbagsak sa mga
kamay ng mga Lamanita kaysa
sa bawiin ito mula sa kanila, inakala niya na madali nilang mapangangalagaan ang lunsod na
yaon.
10 Anupa't pinanatili niya
ang lahat ng kanyang hukbo sa
pangangalaga ng mga lugar na
yaon na nabawi niya.
11 At ngayon, nang malaman
ni Moroni na ang lunsod ng
Nefihas ay nawala na labis
siyang nalungkot, at nagsimulang mag-alinlangan, dahil sa
kasamaan ng mga tao, kung
bakit hindi sila mahuhulog sa
mga kamay ng kanilang mga
kapatid.
12 Ngayon, ito ang kalagayan
ng lahat ng punong kapitan
niya. Sila ay nag-alinlangan at
nanggilalas din dahil sa kasamaan ng mga tao, at ito ay dahil sa tagumpay ng mga Lamanita sa kanila.
13 At ito ay nangyari na, na
si Moroni ay nagalit sa pamahalaan, dahil sa kanilang [a]kawalang-pagpapahalaga hinggil sa
kalayaan ng kanilang bayan.

## KABANATA 60

*Si Moroni ay dumaing kay Pahoran dahil sa kapabayaan ng pamahalaan sa mga hukbo—Hinahayaang mapatay ang mabubuti ng Panginoon—Kinailangang gamitin ng mga Nephita ang buo nilang lakas at pamamaraan upang mailigtas nila*

13*a* Alma 58:34; 61:2–3.

*ang sarili mula sa kanilang mga kaaway—Si Moroni ay nagbanta na lalabanan niya ang pamahalaan maliban kung magpapadala ng tulong sa kanyang mga hukbo. Mga 62 B.C.*

AT ito ay nangyari na, na siya
ay muling sumulat sa gobernador ng lupain, na si Pahoran, at ito ang mga salitang isinulat niya, sinasabing: Masdan, ipinahahatid ko ang aking liham kay Pahoran, sa lunsod ng Zarahemla, na siyang [a]punong hukom at gobernador ng lupain, at gayon din sa lahat ng yaong pinili ng mga taong ito na mamahala at mangasiwa sa mga bagay-bagay ng digmaang ito.
2 Sapagkat masdan, may sasabihin ako nang bahagya sa kanila sa paraang may panunumpa; sapagkat masdan, kayo na rin ang nakaaalam na kayo ay hinirang na mangalap ng mga tauhan, at sandatahan sila ng mga espada, at ng mga simitar, at lahat ng uri ng sandata ng digmaan ng bawat uri, at ipadala laban sa mga Lamanita, saan mang dako sila sumalakay sa ating mga lupain.
3 At ngayon masdan, sinasabi ko sa iyo na ako na rin, at gayon din ang mga tauhan ko, at gayon din si Helaman at ang kanyang mga tauhan, ay nagdanas ng labis na pagdurusa; oo, maging ng pagkagutom, pagkauhaw, at pagkapagod, at lahat ng uri ng paghihirap ng bawat uri.
4 Subalit masdan, kung ito lamang ang aming dinaranas ay hindi sana kami aangal ni daraing.
5 Subalit masdan, labis ang pagkatay sa ating mga tao; oo, libu-libo na ang napabagsak sa pamamagitan ng espada, samantalang hindi sana nangyari ito kung kayo ay nagpadala sa aming mga hukbo ng sapat na lakas at tulong para sa kanila. Oo, labis ang naging kapabayaan ninyo sa amin.
6 At ngayon masdan, nais naming malaman ang dahilan ng labis na kapabayaang ito; oo, nais naming malaman ang dahilan ng inyong pabayang katayuan.
7 Magagawa ba ninyong isiping umupo sa inyong mga luklukan sa kalagayan ng kapabayaan, samantalang ang inyong mga kaaway ay naghahasik ng gawa ng kamatayan sa inyong paligid? Oo, samantalang pinapaslang nila ang libu-libo sa inyong mga kapatid—
8 Oo, maging sila na umaasa sa inyo ng pangangalaga, oo, inilagay kayo sa katayuan na maaari ninyo silang tulungan, oo, maaari sana ninyo silang padalhan ng mga hukbo, upang palakasin sila, at mailigtas ang libu-libo sa kanila mula sa kamatayan sa pamamagitan ng espada.
9 Subalit masdan, hindi lamang ito—ipinagkait ninyo ang inyong mga pagkain sa kanila, hanggang sa marami ang nakipaglaban at ibinuwis ang kanilang mga buhay dahil sa

**60** 1*a* Alma 50:39–40.

kanilang mga taimtim na naisin na taglay nila para sa kapakanan ng mga taong ito; oo, at ginawa nila ito nang [a]mamamatay na sana sila sa gutom, dahil sa inyong labis na kapabayaan sa kanila.
10 At ngayon, mga minamahal kong kapatid—sapagkat nararapat kayong mga minamahal; oo, at nararapat sana ninyong pukawin ang inyong sarili nang higit na masigasig para sa kapakanan at sa kalayaan ng mga taong ito; subalit masdan, pinabayaan ninyo sila hanggang sa ang dugo ng libulibo ay mapapataw sa inyong mga ulo sa paghihiganti; oo, sapagkat nalalaman ng Diyos ang lahat ng kanilang mga pagsusumamo, at lahat ng kanilang pagdurusa—
11 Masdan, sa akala ba ninyo'y maaari kayong umupo sa inyong mga luklukan, at dahil sa labis na kabutihan ng Diyos ay wala na kayong gagawin pa at ililigtas niya kayo? Masdan, kung ito ang inaakala ninyo'y nag-aakala kayo nang walang saysay.
12 Sa [a]akala ba ninyo, dahil sa napakarami sa inyong mga kapatid ang napatay ay dahil ito sa kanilang kasamaan? Sinasabi ko sa inyo, kung ito ang inaakala ninyo'y nag-aakala kayo nang walang saysay; sapagkat sinasabi ko sa inyo, marami ang bumagsak sa pamamagitan ng espada; at masdan ito ay tungo sa inyong pagkasumpa.
13 Sapagkat pinahihintulutan ng Panginoon na mapatay ang [a]mabubuti upang ang kanyang katarungan at kahatulan ay sumapit sa masasama; kaya nga hindi ninyo dapat na akalain na ang mabubuti ay itinakwil dahil sa napatay sila; subalit masdan, papasok sila sa kapahingahan ng Panginoon nilang Diyos.
14 At ngayon masdan, sinasabi ko sa inyo, labis akong natatakot na ang mga kahatulan ng Diyos ay sumapit sa mga taong ito, dahil sa kanilang labis na katamaran, oo, maging ang katamaran ng ating pamahalaan, at ang labis na kapabayaan nila sa kanilang mga kapatid, oo, sa mga yaong napatay.
15 Sapagkat kung hindi dahil sa [a]kasamaan na unang nagsimula sa ating pinuno, ay nagapi na sana natin ang ating mga kaaway at hindi na sila nakakuha pa ng kapangyarihan laban sa atin.
16 Oo, kung hindi lamang sa [a]digmaang sumiklab sa atin; oo, kung hindi lamang sa mga [b]king-men na ito, na pinagmulan ng maraming pagdanak ng dugo sa atin; oo, sa panahong naglalaban-laban tayo, kung pinagsama-sama natin ang ating lakas na tulad ng ating ginawa noon; oo, kung hindi lamang sa pagnanais ng kapangyarihan at karapatan na ginawa sa atin ng mga king-men na yaon;

9*a* Alma 58:7.
12*a* Lu. 13:1–5.
13*a* Alma 14:10–11; D at T 42:46–47.
15*a* Alma 51:9, 13.
16*a* Alma 51:16–19.
*b* Alma 51:5, 8.

kung sila ay naging tapat sa layunin ng kalayaan, at nakiisa sa atin, at humarap sa ating mga kaaway, sa halip na humawak ng kanilang mga espada laban sa atin, na naging dahilan ng maraming pagdanak ng dugo sa atin; oo, kung sinalakay natin sila sa lakas ng Panginoon, ay naitaboy sana natin ang ating mga kaaway, sapagkat magaganap sana ito, alinsunod sa kaganapan ng kanyang salita.

17 Subalit masdan, ngayon tayo ay sinasalakay ng mga Lamanita, sinasakop ang ating mga lupain, at pinapaslang nila ang ating mga tao sa pamamagitan ng espada, oo, ang ating kababaihan at ating mga anak, at dinadala rin silang mga bihag, ginagawang pahirapan sila ng lahat ng uri ng pagpapahirap, at ito ay dahil sa labis na kasamaan ng mga yaong naghahangad ng kapangyarihan at karapatan, oo, maging ang mga king-men na yaon.

18 Subalit bakit pa ako mangungusap hinggil sa bagay na ito? Sapagkat hindi namin nalalaman kung kayo na rin ay naghahangad ng kapangyarihan. Hindi namin nalalaman kung kayo na rin ay mga taksil din sa inyong bayan.

19 O pinabayaan ba ninyo kami dahil sa nasa gitna kayo ng ating bayan at kayo ay napaliligiran ng pananggalang, kung kaya't hindi kayo nagpapadala ng pagkain sa amin, at gayon din ng mga tauhan upang palakasin ang aming mga hukbo?

20 Nalimutan na ba ninyo ang mga kautusan ng Panginoon ninyong Diyos? Oo, nalimutan na ba ninyo ang pagkabihag ng ating mga ama? Nalimutan na ba ninyo na maraming ulit na iniligtas niya tayo mula sa mga kamay ng ating mga kaaway?

21 O inaakala ninyong ililigtas pa rin tayo ng Panginoon, habang tayo ay nakaupo sa ating mga luklukan at hindi ginagamit ang mga pamamaraang inilaan para sa atin ng Panginoon?

22 Oo, uupo ba kayo sa katamaran samantalang kayo ay napaliligiran ng libu-libong yaon, oo, at sampu-sampung libo, na nauupo rin sa katamaran, samantalang libu-libo ang nasa paligid sa mga hangganan ng lupain ang nagsisibagsak sa pamamagitan ng espada, oo, mga sugatan at duguan?

23 Inaakala ba ninyong ituturing kayo ng Diyos na wala kayong kasalanan samantalang kayo ay nauupong walang kibo at minamasdan ang mga bagay na ito? Masdan sinasabi ko sa inyo, Hindi. Ngayon nais kong tandaan ninyo na sinabi ng Diyos na linisin muna ang [a]panloob na sisidlan, at sa gayon ay malilinis din ang panlabas na sisidlan.

24 At ngayon, maliban kung kayo ay magsisisi sa yaong inyong ginawa, at magsimulang bumangon at magsikilos, at magpadala ng pagkain at mga

23*a* Mat. 23:25–26.

tauhan sa amin, at gayon din
kay Helaman, upang maitagu-
yod niya ang mga bahaging
yaon ng ating bayan na nabawi
niya, at nang mabawi rin ninyo
ang nalalabi sa ating mga pag-
aari sa mga bahaging ito, mas-
dan, kapaki-pakinabang na hin-
di tayo makipaglaban pa sa mga
Lamanita hanggang sa malinis
muna natin ang ating panloob
na sisidlan, oo, maging ang pi-
nakamataas na pinuno ng ating
pamahalaan.
25 At maliban kung tanggapin
ninyo ang aking liham, at luma-
bas at ipakita sa akin ang tunay
na [a]diwa ng kalayaan, at mag-
sikap na palakasin at patibayin
ang aming mga hukbo, at mag-
kaloob sa kanila ng pagkain
para sa panustos nila, masdan
mag-iiwan ako ng bahagi ng
aking freemen upang pangala-
gaan ang bahaging ito ng ating
lupain, at iiwanan ko ang lakas
at mga pagbabasbas ng Diyos
sa kanila, upang wala nang
ibang kapangyarihan pa ang
lumaganap laban sa kanila—
26 At ito ay dahil sa kanilang
labis na pananampalataya, at
ng kanilang pagtitiis sa kani-
lang mga pagdurusa—
27 At ako ay magtutungo sa
inyo, at kung mayroon man
sa inyo na naghahangad sa ka-
layaan, oo, kung mayroong ka-
hit kislap ng kalayaang natiti-
ra, masdan, ako ay magpupu-
kaw ng mga pag-aaklas sa
inyo, maging hanggang sa ang
mga yaong naghahangad na
magnakaw ng kapangyarihan
at karapatan ay malipol na.
28 Oo, masdan, hindi ako na-
tatakot sa kapangyarihan ni
karapatan ninyo, kundi sa
aking [a]Diyos ako natatakot; at
ito ay alinsunod sa kanyang
mga kautusan na gagamitin ko
ang aking espada upang ipag-
tanggol ang layunin ng aking
bayan, at ito ay dahil sa inyong
kasamaan kung kaya't kami ay
nagdanas ng labis na kawalan.
29 Masdan panahon na, oo,
dumating na ang panahon, na
maliban kung imumulat ninyo
ang inyong sarili sa pagtatang-
gol sa inyong bayan at sa in-
yong mga musmos, ang [a]espa-
da ng katarungan ay nakau-
mang sa ulunan ninyo; oo, at
babagsak ito sa inyo at paruru-
sahan kayo maging hanggang
sa inyong ganap na pagkalipol.
30 Masdan, ako ay naghihin-
tay ng tulong mula sa inyo; at,
maliban kung kikilos kayo sa
hinaing namin, masdan, ako ay
magtutungo sa inyo, maging sa
lupain ng Zarahemla, at haha-
tawin kayo ng espada, hang-
gang sa kayo ay mawalan ng
kapangyarihan na pigilin ang
pag-unlad ng mga taong ito sa
layunin ng ating kalayaan.
31 Sapagkat masdan, hindi pa-
hihintulutan ng Panginoon na
mabuhay kayo at maging mala-
kas sa inyong kasamaan upang
lipulin ang kanyang mabubu-
ting tao.
32 Masdan, inaakala ba ninyo
na ililigtas kayo ng Panginoon

25*a* Alma 51:6; 61:15.
28*a* Gawa 5:26–29.
29*a* Hel. 13:5;
3 Ne. 2:19.

at lalabas sa paghahatol laban sa mga Lamanita, samantalang ang kaugalian ng kanilang mga ama ang dahilan ng kanilang poot, oo, at ito ay pinatindi ng mga yaong tumiwalag mula sa atin, samantalang ang kasamaan ninyo ay para sa layunin ng inyong pagmamahal sa kapangyarihan at sa mga walang kabuluhang bagay ng daigdig?

33 Nalalaman ninyong nilalabag ninyo ang mga batas ng Diyos, at nalalaman ninyong niyuyurakan ninyo ang mga ito sa ilalim ng inyong mga paa. Masdan, sinabi ng Panginoon sa akin: Kung yaong mga hinirang ninyo na maging inyong mga gobernador ay hindi magsisisi ng kanilang mga kasalanan at kasamaan, ikaw ay aahon upang makidigma laban sa kanila.

34 At ngayon masdan, ako, si Moroni, ay napipilitan, alinsunod sa tipang ginawa ko na susundin ang mga kautusan ng aking Diyos; anupa't nais ko na kayo ay sumunod sa salita ng Diyos, at kaagad kayong magpadala sa akin ng inyong mga pagkain at inyong mga tauhan, at gayon din kay Helaman.

35 At masdan, kung hindi ninyo gagawin ito ay mabilis akong magtutungo sa inyo; sapagkat masdan, hindi pahihintulutan ng Diyos na kami ay masawi dahil sa gutom; anupa't siya ay magbibigay sa amin ng inyong pagkain, maging kung ito man ay sa pamamagitan ng espada. Ngayon tiyaking tinutupad ninyo ang salita ng Diyos.

36 Masdan, ako si Moroni, ang inyong punong kapitan. Hindi ako [a]naghahangad ng kapangyarihan, kundi ang hatakin itong pababa. Hindi ako naghahangad ng papuri ng sanlibutan, kundi para sa kaluwalhatian ng aking Diyos, at ng kalayaan at kapakanan ng aking bayan. At sa gayon ko tinatapos ang aking liham.

## KABANATA 61

*Sinabi ni Pahoran kay Moroni ang hinggil sa pag-aaklas at paghihimagsik laban sa pamahalaan—Nasakop ng mga king-men ang Zarahemla at nakipagkasundo sa mga Lamanita—Si Pahoran ay humingi ng sandatahang tulong laban sa mga naghihimagsik. Mga 62 B.C.*

MASDAN, ngayon ito ay nangyari na, na kaagad pagkatapos na maipadala ni Moroni ang kanyang liham sa punong gobernador, siya ay nakatanggap ng liham mula kay [a]Pahoran, ang punong gobernador. At ito ang mga salitang natanggap niya:

2 Ako, si Pahoran, na siyang punong gobernador ng lupaing ito, ay ipinadadala ang mga salitang ito kay Moroni, ang punong kapitan ng hukbo. Masdan, sinasabi ko sa iyo, Moroni, na hindi ako nagagalak sa masidhi ninyong mga

36*a* D at T 121:39–42.

**61** 1*a* Alma 50:39–40.

[a]paghihirap, oo, ipinagdada-
lamhati ito ng aking kaluluwa.
3 Subalit masdan, may mga
nagagalak sa inyong mga pag-
hihirap, oo, kung kaya't sila ay
nagsipag-aklas sa paghihimag-
sik laban sa akin, at gayon din
sa mga yaong aking tao na mga
[a]freemen, oo, at ang mga yaong
naghimagsik ay napakarami.
4 At ang mga yaong nagha-
ngad na kunin ang hukumang-
luklukan mula sa akin ang da-
hilan ng labis na kasamaang
ito; sapagkat sila ay gumamit
ng labis na panghihibok, at na-
akay nila palayo ang mga puso
ng maraming tao, na magiging
dahilan ng masidhing paghihi-
rap natin; ipinagkait nila ang
ating mga pagkain, at tinakot
ang ating mga freemen upang
hindi sila magtungo sa inyo.
5 At masdan, itinaboy nila ako
mula sa kanilang harapan, at
ako ay tumakas patungo sa lu-
pain ng Gedeon, kasama ang
kasindami ng mga tauhang na-
gawa kong makuha.
6 At masdan, ako ay nagpadala
ng pahayag sa bahaging ito ng
lupain; at masdan, nagtitipun-
tipon sila sa amin sa araw-araw,
nang nasasandatahan, sa pag-
tatanggol ng kanilang bayan at
kanilang [a]kalayaan, at ipaghi-
ganti ang ating mga kaapihan.
7 At sila ay nagtungo sa amin,
hanggang sa ang mga yaong
nagsipag-aklas sa paghihimag-
sik laban sa amin ay nalagay sa
pangamba, oo, hanggang sa na-
takot sila sa amin at hindi sila
nagtangkang sumalakay laban
sa amin upang makidigma.
8 Sinakop nila ang lupain, o
ang lunsod ng Zarahemla; sila
ay naghirang ng hari sa kanila,
at siya ay sumulat sa hari ng
mga Lamanita, kung saan siya
ay nakipagkasundo sa kanya;
kung saang kasunduan ay su-
mang-ayon siyang pangalaga-
an ang lunsod ng Zarahemla,
kung aling pangangalaga ay
inaakala niyang makakaya na
ng mga Lamanita ang sakupin
ang nalalabing lupain, at siya
ay iluluklok na hari sa mga ta-
ong ito kapag nasakop na sila
ng mga Lamanita.
9 At ngayon, sa iyong liham
ay hinatulan mo ako, subalit
hindi ito mahalaga; hindi ako
nagagalit, kundi nagagalak sa
kadakilaan ng iyong puso. Ako,
si Pahoran, ay hindi naghaha-
ngad ng kapangyarihan, mali-
ban lamang na mapanatili ko
ang aking hukumang-luklukan
upang mapangalagaan ko ang
mga karapatan at kalayaan ng
aking mga tao. Ang aking kalu-
luwa ay di matitinag sa kalaya-
ang yaon kung saan tayo gina-
wang [a]malaya ng Diyos.
10 At ngayon, masdan, lalaba-
nan natin ang kasamaan maging
hanggang sa pagpapadanak ng
dugo. Hindi natin padadana-
kin ang dugo ng mga Lamanita
kung sila ay mananatili sa ka-
nilang sariling lupain.
11 Hindi natin padadanakin

2*a* Alma 60:3–9.
3*a* Alma 51:6–7.
6*a* GBK Malaya, Kalayaan.
9*a* Juan 8:31–36; D at T 88:86.

ang dugo ng ating mga kapatid
kung hindi sila mag-aaklas sa
paghihimagsik at humawak ng
espada laban sa atin.
12 Ipasasailalim natin ang ating
sarili sa singkaw ng pagkaalipin
kung ito ay hinihingi ng kata-
rungan ng Diyos, o kung uutu-
san niya tayong gawin yaon.
13 Subalit masdan, hindi niya
tayo inuutusang ipailalim na-
tin ang ating sarili sa ating mga
kaaway, kundi ang ibigay na-
tin ang ating [a]tiwala sa kanya,
at ililigtas niya tayo.
14 Kaya nga, mahal kong kapa-
tid, na Moroni, halina't labanan
natin ang kasamaan, at kung
anumang kasamaan ang hindi
natin malalabanan ng ating
mga salita, oo, tulad ng mga
paghihimagsik at pagtiwalag,
[a]labanan natin ito ng ating mga
espada, upang mapanatili na-
tin ang ating kalayaan, upang
tayo ay magalak sa dakilang
pribilehiyo ng ating simbahan,
at sa layunin ng ating Manunu-
bos at ating Diyos.
15 Kaya nga, mabilis kang
magtungo sa akin, kasama ang
ilan sa iyong mga tauhan, at
iwanan ang nalalabi sa pamu-
muno nina Lehi at Tiankum;
bigyan mo sila ng kapangyari-
han na magpalakad sa digma-
an sa bahaging iyan ng lupain,
alinsunod sa [a]Espiritu ng Diyos,
na diwa rin ng kalayaan na nasa
kanila.
16 Masdan, ako ay nagpadala
ng kaunting pagkain sa kanila,
upang hindi sila masawi hang-
gang sa makarating ka rito sa
akin.
17 Mangalap ka ng mga tau-
han na makakaya mo habang
nagtutungo ka rito, at mabilis
tayong sasalakay sa mga tumi-
walag na yaon, sa lakas ng
ating Diyos alinsunod sa pana-
nampalataya na nasa atin.
18 At sasakupin natin ang
lunsod ng Zarahemla, upang
tayo ay makakuha ng mara-
mi pang pagkain na maipada-
dala kina Lehi at Tiankum; oo,
sasalakayin natin sila sa lakas
ng Panginoon, at wawakasan
natin ang labis na kasamaang
ito.
19 At ngayon, Moroni, ako ay
nagagalak sa pagkakatanggap
ng liham mo, sapagkat ako ay
nababahala na hinggil sa kung
ano ang aming gagawin, kung
magiging makatarungan ba sa
atin ang salakayin ang ating
mga kapatid.
20 Subalit sinabi mo, maliban
kung magsisisi sila ay inuutu-
san ka ng Panginoon na sila ay
salakayin mo.
21 Tiyaking [a]palakasin mo sina
Lehi at Tiankum sa Panginoon;
sabihin sa kanila na huwag si-
lang matakot, sapagkat ililigtas
sila ng Diyos, oo, at lahat din
ng yaong di natitinag sa kala-
yaang yaon kung saan sila gi-
nawang malaya ng Diyos. At
ngayon tinatapos ko ang aking
liham sa mahal kong kapatid,
na si Moroni.

13*a* GBK Pananampala-taya; Pagtitiwala.
14*a* Alma 43:47.
15*a* 2 Cor. 3:17. GBK Espiritu Santo.
21*a* Zac. 10:12.

## KABANATA 62

*Si Moroni ay humayo upang tulungan si Pahoran sa lupain ng Gedeon—Ang mga king-men na tumangging ipagtanggol ang kanilang bayan ay ipinapatay—Nabawi nina Pahoran at Moroni ang Nefihas—Maraming Lamanita ang nakiisa sa mga tao ni Ammon—Pinatay ni Tiankum si Amoron at napatay rin siya—Ang mga Lamanita ay naitaboy mula sa lupain, at naitatag ang kapayapaan—Si Helaman ay bumalik sa pagmimiministeryo at itinayo ang simbahan. Mga 62–57 B.C.*

AT ngayon ito ay nangyari na,
nang matanggap ni Moroni
ang liham, na ito ay nagpalakas
ng kanyang loob, at napuspos
ng labis na kagalakan dahil sa
katapatan ni Pahoran, na hindi
rin siya [a]nagtaksil sa kalayaan
at layunin ng kanyang bayan.
2 Subalit labis din siyang nagdalamhati dahil sa kasamaan ng
mga yaong nagtaboy kay Pahoran mula sa hukumang-luklukan, oo, sa madaling salita, dahil sa mga yaong naghimagsik
laban sa kanilang bayan at gayon din sa kanilang Diyos.
3 At ito ay nangyari na, na si
Moroni ay nagsama ng maliit na bilang ng mga tauhan, alinsunod sa kahilingan ni Pahoran, at ibinigay kina Lehi at Tiankum ang kapangyarihan sa nalalabi sa kanyang hukbo, at siya ay humayo patungo sa lupain ng Gedeon.
4 At itinaas niya ang [a]bandila
ng [b]kalayaan sa bawat lugar na kanyang pinasok, at nangalap ng ilan mang hukbo na makakaya niya sa lahat ng nilakbayan niya patungo sa lupain ng Gedeon.
5 At ito ay nangyari na, na
libu-libo ang nagtipon sa kanyang bandila, at humawak ng kanilang espada sa pagtatanggol ng kanilang kalayaan, upang hindi sila madala sa pagkaalipin.
6 At sa gayon, nang makapa-
ngalap si Moroni ng ilan mang tauhan na nakaya niya sa kanyang buong paglalakbay, siya ay nagtungo sa lupain ng Gedeon; at sa pagsanib ng kanyang mga hukbo sa mga yaong kay Pahoran sila ay naging napakalakas, maging sa mas malakas pa sila sa mga tauhan ni Pacos, na siyang [a]hari ng mga yaong tumiwalag na nagtaboy sa mga [b]freemen palabas ng lupain ng Zarahemla at sumakop sa lupain.
7 At ito ay nangyari na, na sina
Moroni at Pahoran ay bumaba kasama ang kanilang mga hukbo patungo sa lupain ng Zarahemla, at sinalakay ang lunsod, at hinarap ang mga tauhan ni Pacos, hanggang sa sila ay nakipagdigma.
8 At masdan, si Pacos ay na-
patay at ang kanyang mga tauhan ay mga dinalang bihag, at si Pahoran ay ibinalik sa kanyang hukumang-luklukan.

**62** 1*a* Alma 60:18.
4*a* Alma 46:12–13, 36. GBK Sagisag.
*b* GBK Malaya, Kalayaan.
6*a* Alma 61:4–8.
*b* Alma 51:5–7.

9 At tinanggap ng mga tauhan
ni Pacos ang kanilang hatol,
alinsunod sa batas, at gayon din
ang mga yaong king-men na
nadakip at itinapon sa bilanggu-
an; at sila ay [a]pinarusahan alin-
sunod sa batas; oo, ang mga ta-
uhang yaon ni Pacos at yaong
mga king-men, kung sinuman
ang hindi hahawak ng kanilang
mga sandata sa pagtatanggol
ng kanilang bayan, kundi lala-
banan ito, ay ipinapatay.
10 At sa gayon kinailangan na
ang batas na ito ay mahigpit na
ipatupad para sa kaligtasan ng
kanilang bayan; oo, at kung
sinuman ang matagpuang tina-
tanggihan ang kanilang kala-
yaan ay kaagad na pinarurusa-
han alinsunod sa batas.
11 At sa gayon nagtapos ang
ikatatlumpung taon ng panu-
nungkulan ng mga hukom sa
mga tao ni Nephi; matapos ma-
ibalik nina Moroni at Pahoran
ang kapayapaan sa lupain ng
Zarahemla, sa kanilang sari-
ling mga tao, matapos ipataw
ang kamatayan sa lahat ng ya-
ong hindi tapat sa layunin ng
kalayaan.
12 At ito ay nangyari na, na sa
pagsisimula ng ikatatlumpu at
isang taon ng panunungkulan
ng mga hukom sa mga tao ni
Nephi, si Moroni ay kaagad
nag-utos na magpadala ng mga
pagkain, at isang hukbo rin ng
anim na libong tauhan ay ipina-
dala kay Helaman, upang ma-
tulungan siya na pangalagaan
ang bahaging yaon ng lupain.
13 At iniutos din niya na isang
hukbo ng anim na libong tau-
han, na may sapat na dami ng
pagkain, ay ipadala sa mga
hukbo nina Lehi at Tiankum.
At ito ay nangyari na, na ito ay
ginawa upang mapatibay ang
lupain laban sa mga Lamanita.
14 At ito ay nangyari na, na
sina Moroni at Pahoran, mata-
pos mag-iwan ng malaking
pangkat ng mga tauhan sa lu-
pain ng Zarahemla, ay naglak-
bay kasama ang malaking pang-
kat ng mga tauhan patungo sa
lupain ng Nefihas, na nagti-
kang paaalisin ang mga Lama-
nita sa lunsod na yaon.
15 At ito ay nangyari na, na
habang sila ay naglalakbay pa-
tungo sa lupain, sila ay naka-
dakip ng malaking pangkat ng
mga tauhan ng mga Lamanita,
at pinatay ang marami sa kani-
la, at kinuha ang kanilang mga
pagkain at kanilang mga san-
data ng digmaan.
16 At ito ay nangyari na, mata-
pos nilang dakpin sila, kanilang
pinapasok sila sa isang tipan na
hindi na muli silang hahawak
pa ng kanilang mga sandata ng
digmaan laban sa mga Nephita.
17 At nang sila ay makipagti-
pan ay kanilang ipinadala sila
na manirahang kasama ang mga
tao ni Ammon, at sila'y may bi-
lang na mga apat na libo na
mga hindi napatay.
18 At ito ay nangyari na, na
matapos nilang ipadala sila ay
ipinagpatuloy nila ang kanilang
paglalakbay patungo sa lupain

9*a* GBK Mabigat na Kaparusahan.

ng Nefihas. At ito ay nangyari
na, nang sila ay makarating sa
lunsod ng Nefihas, itinayo nila
ang kanilang mga tolda sa ka-
patagan ng Nefihas, na malapit
sa lunsod ng Nefihas.
19 Ngayon nais ni Moroni na
ang mga Lamanita ay suma-
lakay upang makidigma sa
kanila, sa kapatagan; subalit
ang mga Lamanita, nalalaman
ang kanilang labis na katapa-
ngan, at namamalas ang kala-
kihan ng kanilang bilang, kaya
nga, sila ay hindi nagtangkang
sumalakay upang kalabanin
sila; anupa't hindi sila sumala-
kay upang makidigma sa araw
na yaon.
20 At nang sumapit ang gabi,
si Moroni ay humayo sa kadili-
man ng gabi, at nagtungo sa
tuktok ng muog upang tiktikan
kung saang bahagi ng lunsod
ikinukuta ng mga Lamanita ang
kanilang hukbo.
21 At ito ay nangyari na, na
sila ay nasa silangan, malapit
sa may pasukan; at silang lahat
ay natutulog. At ngayon, si
Moroni ay nagbalik sa kanyang
hukbo, at nag-utos na kaagad
silang maghanda ng matitibay
na lubid at mga hagdanan,
upang ibaba mula sa tuktok ng
muog hanggang sa loob na ba-
hagi ng muog.
22 At ito ay nangyari na, na
inutusan ni Moroni na humayo
ang kanyang mga tauhan at
umakyat sa tuktok ng muog, at
ibaba ang kanilang sarili sa ba-
haging yaon ng lunsod, oo, ma-
ging sa kanluran, kung saan
hindi ikinuta ng mga Lamanita
ang kanilang mga hukbo.
23 At ito ay nangyari na, na
silang lahat ay nakababa sa lun-
sod samantalang gabi pa, sa pa-
mamagitan ng kanilang matiti-
bay na lubid at mga hagdanan;
sa gayon, nang sumapit ang
umaga silang lahat ay nasa loob
na ng mga muog ng lunsod.
24 At ngayon, nang ang mga
Lamanita ay magising at nakita
na ang mga hukbo ni Moroni ay
nasa loob na ng mga muog, sila
ay labis na natakot, kung kaya
nga't sila ay nagsipanakbuhan
papalabas sa may daanan.
25 At ngayon, nang makita ni
Moroni na sila ay nagsisitakas
palayo sa kanya, ay inutusan ni-
yang humayo ang kanyang mga
tauhan laban sa kanila, at pina-
tay ang marami, at pinaligiran
ang marami pang iba, at dinala
silang mga bihag; at ang nala-
labi sa kanila ay nagsitakas pa-
tungo sa lupain ng Moroni, na
nasa mga hangganan sa may
dalampasigan.
26 Sa gayon nakuha nina
Moroni at Pahoran ang pag-
aari ng lunsod ng Nefihas na
walang nawala ni isang katao;
at marami sa mga Lamanita
ang napatay.
27 Ngayon ito ay nangyari na,
na marami sa mga Lamanita na
mga bihag ang nagnais na ma-
pabilang sa mga [a]tao ni Ammon
at maging malalayang tao.
28 At ito ay nangyari na, na
kasindami ng nagnais, sa kani-
la'y ipinagkaloob ang naaayon
sa kanilang mga naisin.

27*a* GBK Anti-Nephi-Lehi.

29 Anupa't, lahat ng bihag na mga Lamanita ay napabilang sa mga tao ni Ammon, at nagsimulang magpagal nang labis, binubungkal ang lupa, nagtatanim ng lahat ng uri ng butil, at mga tupahan at bakahan ng bawat uri; at sa gayon naalisan ang mga Nephita ng malaking pasanin; oo, hanggang sa sila ay mawalan na ng lahat ng bihag na mga Lamanita.

30 Ngayon ito ay nangyari na, na si Moroni, matapos niyang makuha ang pag-aari ng lunsod ng Nefihas, matapos makadakip ng maraming bihag, na nakapagbawas sa mga hukbo ng mga Lamanita nang malaki, at matapos mabawi ang marami sa mga Nephita na mga nadalang bihag, na nagpalakas sa hukbo ni Moroni nang labis-labis; kaya nga, si Moroni ay nagtungo mula sa lupain ng Nefihas sa lupain ng Lehi.

31 At ito ay nangyari na, nang makita ng mga Lamanita na si Moroni ay sumasalakay sa kanila, na muli silang natakot at nagsitakas mula sa harapan ng hukbo ni Moroni.

32 At ito ay nangyari na, na tinugis sila ni Moroni at ng kanyang hukbo sa bawat lunsod, hanggang sa makaharap nila sina Lehi at Tiankum; at ang mga Lamanita ay nagsitakas mula kina Lehi at Tiankum, maging hanggang sa mga hangganan sa may dalampasigan, hanggang sa sila ay makarating sa lupain ng Moroni.

33 At ang lahat ng hukbo ng mga Lamanita ay sama-samang nagtipon hanggang sa silang lahat ay naging iisang hukbo sa lupain ng Moroni. Ngayon si Amoron, ang hari ng mga Lamanita, ay kasama rin nila.

34 At ito ay nangyari na, na sina Moroni at Lehi at Tiankum ay nagkuta kasama ang kanilang mga hukbo sa paligid sa mga hangganan ng lupain ng Moroni, hanggang sa ang mga Lamanita ay mapaligiran sa mga hangganan ng ilang sa timog, at sa mga hangganan ng ilang sa silangan.

35 At sa gayon sila nagkuta sa gabi. Sapagkat masdan, ang mga Nephita at ang mga Lamanita rin ay pagod dahil sa kahabaan ng paglalakbay; anupa't hindi sila nag-isip na gumawa ng pakana sa gabi, maliban kay Tiankum; sapagkat siya ay labis na nagalit kay Amoron, hanggang sa inakala niya na si Amoron, at si Amalikeo na kanyang kapatid, ang [a]dahilan ng malaki at matagal na digmaang ito sa pagitan nila at ng mga Lamanita, na naging dahilan ng labis na digmaan at pagdanak ng dugo, oo, at masidhing taggutom.

36 At ito ay nangyari na, na si Tiankum sa kanyang galit ay nagtungo sa kuta ng mga Lamanita, at ibinaba ang kanyang sarili sa mga muog ng lunsod. At siya ay humayong may dalang lubid, sa bawat dako, hanggang sa natagpuan niya

35*a* Alma 48:1.

ang hari; at kanyang [a]pinukol
siya ng sibat, na tumuhog sa
kanya sa malapit sa puso. Su-
balit masdan, nagising ng hari
ang kanyang mga tagapagsilbi
bago siya namatay, kung ka-
ya't tinugis nila si Tiankum, at
pinatay siya.
37 Ngayon ito ay nangyari na,
nang malaman nina Lehi at
Moroni na patay na si Tiankum
ay labis silang nalungkot; sa-
pagkat masdan, siya ay isang
lalaking buong giting na naki-
paglaban para sa kanyang ba-
yan, oo, isang tunay na kaibi-
gan ng kalayaan; at nagdanas
siya ng napakaraming masisid-
hing paghihirap. Subalit mas-
dan, siya ay patay na, at yuma-
on ng lakad ng buong lupa.
38 Ngayon ito ay nangyari na,
na si Moroni ay humayo kina-
bukasan, at sinalakay ang mga
Lamanita, hanggang sa kanilang
pinagpapatay sila ng labis na
pagkatay; at kanilang naitaboy
silang palabas ng lupain; at nag-
sitakas sila, maging sa hindi na
sila bumalik pa sa panahong
yaon laban sa mga Nephita.
39 At sa gayon nagtapos ang
ikatatlumpu at isang taon ng
panunungkulan ng mga hu-
kom sa mga tao ni Nephi; at sa
gayon sila nagkaroon ng mga
digmaan, at pagdadanak ng
dugo, at taggutom, at paghihi-
rap, sa loob ng maraming taon.
40 At nagkaroon ng mga pag-
paslang, at alitan, at pagtiwalag,
at lahat ng uri ng kasamaan sa
mga tao ni Nephi; gayon pa
man alang-alang sa [a]mabubuti,
oo, dahil sa mga panalangin ng
mabubuti, sila ay naligtas.
41 Subalit masdan, dahil sa la-
bis na katagalan ng digmaan na
namagitan sa mga Nephita at sa
mga Lamanita ay marami ang
naging matitigas, dahil sa labis
na katagalan ng digmaan; at
marami ang napalambot dahil
sa kanilang [a]paghihirap, kung
kaya nga't sila ay nagpakum-
baba sa harapan ng Diyos, ma-
ging sa kailaliman ng pagpapa-
kumbaba.
42 At ito ay nangyari na, na
matapos patibayin ni Moroni
ang mga bahaging yaon ng lu-
pain na pinakalantad sa mga
Lamanita, hanggang sa maging
sapat ang kanilang lakas, siya ay
nagbalik sa lunsod ng Zarahem-
la; at nagbalik din si Helaman
sa lugar na kanyang mana; at
muling naitatag ang kapayapa-
an sa mga tao ni Nephi.
43 At ibinigay ni Moroni ang
kapangyarihan sa kanyang mga
hukbo sa mga kamay ng kan-
yang anak, na nagngangalang
Moronihas; at siya ay namahi-
nga sa kanyang sariling tahanan
upang magugol niya ang nalala-
bi sa kanyang mga araw sa ka-
payapaan.
44 At si Pahoran ay nagbalik
sa kanyang hukumang-luklu-
kan; at si Helaman ay muling
nagbalik sa pangangaral sa mga
tao ng salita ng Diyos; sapagkat
sa dami ng digmaan at alitan ay
kinailangang magkaroong muli
ng alituntunin sa simbahan.

36*a* Alma 51:33–34.
40*a* Alma 45:15–16.
41*a* GBK Pagdurusa.

45 Kaya nga, si Helaman at ang kanyang mga kapatid ay humayo, at ipinahayag ang salita ng Diyos nang may labis na kapangyarihan hanggang sa [a]mapaniwala ang maraming tao sa kanilang kasamaan, na naghimok sa kanila na pagsisihan ang kanilang mga kasalanan at magpabinyag sa Panginoon nilang Diyos.

46 At ito ay nangyari na, na muli nilang itinatag ang simbahan ng Diyos, sa lahat ng dako ng buong lupain.

47 Oo, at gumawa ng mga alituntunin hinggil sa batas. At ang kanilang mga [a]hukom, at ang kanilang mga punong hukom ay pinili.

48 At ang mga tao ni Nephi ay nagsimulang muling [a]umunlad sa lupain, at nagsimulang dumami at muling maging makapangyarihan sa lupain. At nagsimula silang magsiyaman nang labis.

49 Subalit sa kabila ng kanilang mga kayamanan, o ng kanilang lakas, o ng kanilang kasaganaan, hindi sila iniangat sa kapalaluan ng kanilang mga paningin; ni hindi sila naging mabagal sa pag-aalaala sa Panginoon nilang Diyos kundi sila ay nagpakumbaba nang labis sa kanyang harapan.

50 Oo, naalaala nila ang mabubuting bagay na ginawa ng Panginoon para sa kanila, na kanyang iniligtas sila mula sa kamatayan, at mula sa mga gapos, at mula sa mga bilangguan, at mula sa lahat ng uri ng paghihirap; at kanyang iniligtas sila mula sa mga kamay ng kanilang mga kaaway.

51 At patuloy silang nanalangin sa Panginoon nilang Diyos, kung kaya nga't pinagpala sila ng Panginoon, alinsunod sa kanyang salita, upang sila ay maging makapangyarihan at umunlad sa lupain.

52 At ito ay nangyari na, na ang lahat ng ito ay naganap. At si Helaman ay namatay, sa ikatatlumpu at limang taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi.

## KABANATA 63

*Si Siblon at pagkatapos ay si Helaman ang nag-ingat sa mga banal na talaan—Maraming Nephita ang naglakbay sa lupaing pahilaga—Si Hagot ay gumawa ng mga sasakyang-dagat, na naglayag sa kanlurang dagat—Tinalo ni Moronihas ang mga Lamanita sa digmaan. Mga 56–52 B.C.*

AT ito ay nangyari na, na sa pagsisimula ng ikatatlumpu at anim na taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi, na kinuha ni [a]Siblon ang pag-iingat ng mga [b]banal na bagay na yaon na ibinigay kay Helaman ni Alma.

2 At siya'y isang makatarungang tao, at lumakad siya nang matwid sa harapan ng Diyos; at

45*a* D at T 18:44.
47*a* Mos. 29:39.
48*a* Alma 50:20.
**63** 1*a* Alma 38:1–2.
*b* Alma 37:1–12.
GBK Banal (pang-uri).

pinagsikapan niyang patuloy na
gumawa ng mabuti, sinusunod
ang mga kautusan ng Pangino-
on niyang Diyos; at gayon din
ang kanyang kapatid.
3 At ito ay nangyari na, na si
Moroni ay namatay na rin. At sa
gayon nagtapos ang ikatatlum-
pu at anim na taon ng panu-
nungkulan ng mga hukom.
4 At ito ay nangyari na, na sa
ikatatlumpu at pitong taon ng
panunungkulan ng mga hukom,
ay may malaking pangkat ng
kalalakihan, maging hanggang
sa bilang na limang libo at apat
na raang katao, kasama ang ka-
nilang mga asawa at kanilang
mga anak, ang lumisan sa lupa-
in ng Zarahemla patungo sa lu-
paing [a]pahilaga.
5 At ito ay nangyari na, na si
Hagot, siya na labis na mausi-
sang lalaki, kaya nga, siya ay
humayo at gumawa ng napa-
kalaking sasakyang-dagat, sa
mga hangganan ng lupaing
Masagana, sa may lupaing Ka-
panglawan, at pinalayag ito sa
may kanlurang dagat, sa may
[a]makitid na daanan na tumutu-
loy sa lupaing pahilaga.
6 At masdan, marami sa mga
Nephita ang pumasok doon at
naglayag na may dalang mara-
ming pagkain, at marami ring
kababaihan at maliliit na bata;
at tinahak nila ang kanilang
landas na pahilaga. At sa ga-
yon nagtapos ang ikatatlumpu
at pitong taon.
7 At sa ikatatlumpu at walong
taon, ang lalaking ito ay guma-
wa ng iba pang mga sasakyang-
dagat. At ang naunang sasak-
yang-dagat ay nagbalik din, at
marami pang tao ang pumasok
dito; at nagdala rin sila ng ma-
raming pagkain, at muling
naglayag patungo sa lupaing
pahilaga.
8 At ito ay nangyari na, na
wala nang narinig pa hinggil sa
kanila. At inakala naming sila
ay nangalunod sa kailaliman
ng dagat. At ito ay nangyari na,
na isa pang sasakyang-dagat
ang naglayag din; at kung saan
man ito nagtungo ay hindi na-
min nalalaman.
9 At ito ay nangyari na, na sa
taong ito ay maraming tao ang
nagtungo sa lupaing [a]pahila-
ga. At sa gayon nagtapos ang
ikatatlumpu at walong taon.
10 At ito ay nangyari na, na sa
ikatatlumpu at siyam na taon ng
panunungkulan ng mga hukom,
si Siblon ay namatay na rin, at si
Corianton ay nagtungo sa lupa-
ing pahilaga sa isang sasak-
yang-dagat, upang magdala ng
pagkain sa mga taong nagtungo
sa lupaing yaon.
11 Anupa't kinailangang iga-
wad ni Siblon ang mga banal
na bagay na yaon, bago ang
kanyang kamatayan, sa anak
ni [a]Helaman, na nagnganga-
lang Helaman, na tinawag alin-
sunod sa pangalan ng kanyang
ama.

4*a* Alma 22:31.
5*a* Alma 22:32; Eter 10:20.
9*a* Hel. 3:11–12.
11*a* Tingnan ang unahang bahagi sa aklat ni Helaman.

12 Ngayon masdan, ang lahat
ng [a]nauukit na nasa pag-iingat
ni Helaman ay isinulat at ipina-
hayag sa mga anak ng tao sa la-
hat ng dako ng buong lupain,
maliban sa mga bahaging yaon
na ipinag-utos ni Alma na [b]hindi
nararapat na ipahayag.
13 Gayon pa man, ang mga
bagay na ito ay pananatilihing
banal, at [a]ipapasa-pasa sa ba-
wat sali't salinlahi; kaya nga, sa
taong ito, ang mga ito ay igina-
wad kay Helaman, bago ang
kamatayan ni Siblon.
14 At ito rin ay nangyari na,
na sa taong ito, may ilan-ilang
tumiwalag na nakiisa sa mga
Lamanita; at sila ay muling na-
pukaw na magalit laban sa mga
Nephita.
15 At sa taon ding ito'y suma-
lakay sila nang may napakala-
king hukbo upang makidigma
laban sa mga tao ni [a]Moronihas,
o laban sa hukbo ni Moronihas,
kung saan sila ay nagapi at mu-
ling naitaboy sa kanilang sari-
ling mga lupain, na nagdanas
ng malaking kawalan.
16 At sa gayon nagtapos ang
ikatatlumpu at siyam na taon ng
panunungkulan ng mga hukom
sa mga tao ni Nephi.
17 At sa gayon nagtapos ang
ulat ni Alma, at ni Helaman, na
kanyang anak, at ni Siblon din,
na anak niya.

# ANG AKLAT NI HELAMAN

Isang ulat ng mga Nephita. Ang kanilang mga digmaan at alitan, at kanilang mga pagtitiwalag. At gayon din ang mga propesiya ng maraming banal na propeta, bago ang pagparito ni Cristo, ayon sa mga talaan ni Helaman, na anak ni Helaman, at ayon din sa mga talaan ng kanyang mga anak, maging hanggang sa pagparito ni Cristo. At marami rin sa mga Lamanita ang nagbalik-loob. Isang ulat ng kanilang pagbabalik-loob. Isang ulat ng kabutihan ng mga Lamanita, at ng kasamaan at mga karumal-dumal na gawain ng mga Nephita, ayon sa talaan ni Helaman at ng kanyang mga anak, maging hanggang sa pagparito ni Cristo, na tinatawag na aklat ni Helaman.

## KABANATA 1

*Ang ikalawang Pahoran ay naging punong hukom at pinaslang ni Kiskumen—Si Pacumeni ay nanungkulan sa hukumang-luklukan—Pinamunuan ni Coriantumer ang hukbo ng mga Lamanita, sinakop ang Zarahemla, at pinatay si Pacumeni—Natalo ni Moronihas ang mga Lamanita at nabawi ang Zarahemla,*

12*a* Alma 18:36.
*b* Alma 37:27–32.
13*a* Alma 37:4.
15*a* Alma 62:43.

*at si Coriantumer ay napatay. Mga 52–50 B.C.*

AT ngayon masdan, ito ay nangyari na, na sa pagsisimula ng ikaapatnapung taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi, na nagsimulang magkaroon ng malubhang suliranin sa mga tao ng mga Nephita.

2 Sapagkat masdan, si [a]Pahoran ay namatay na, at yumaon ng lakad ng buong lupa; anupa't nagsimulang magkaroon ng malubhang alitan hinggil sa kung sino ang nararapat humalili sa hukumang-luklukan sa magkakapatid, na mga anak na lalaki ni Pahoran.

3 Ngayon, ito ang kanilang mga pangalan na naglalaban-laban para sa hukumang-luklukan, na naging dahilan din ng paglalaban-laban ng mga tao: sina Pahoran, Paanchi, at Pacumeni.

4 Ngayon hindi lamang ito ang mga anak ni Pahoran (sapagkat marami siyang anak), subalit sila itong naglalaban-laban para sa hukumang-luklukan; anupa't sila ay naging dahilan ng tatlong paghahati-hati sa mga tao.

5 Gayon pa man, ito ay nangyari na, na si Pahoran ang hinirang ng [a]tinig ng mga tao na maging punong hukom at gobernador sa mga tao ni Nephi.

6 At ito ay nangyari na, na si Pacumeni, nang matanto niya na hindi niya matatamo ang hukumang-luklukan, siya ay nakiisa sa tinig ng mga tao.

7 Subalit masdan, si Paanchi, at yaong bahagi ng mga tao na nagnanais na siya ang kanilang maging gobernador, ay labis na napoot; kaya nga, hahayo na sana siya upang hibuking palayo ang mga taong yaon na magaklas sa paghihimagsik laban sa kanilang kapatid.

8 At ito ay nangyari na, nang gagawin na niya ito, masdan, siya ay dinakip, at nilitis alinsunod sa tinig ng mga tao, at hinatulan ng kamatayan; sapagkat siya ay nag-aklas sa paghihimagsik at hinangad na wasakin ang [a]kalayaan ng mga tao.

9 Ngayon, nang matanto ng mga yaong taong nagnanais na siya ang kanilang maging gobernador na siya ay hinatulan ng kamatayan, samakatwid sila ay nagalit, at masdan, sila ay nagpasugo ng isang Kiskumen, maging sa hukumang-luklukan ni Pahoran, at pinaslang si Pahoran habang siya ay nakaupo sa hukumang-luklukan.

10 At siya ay tinugis ng mga tagapagsilbi ni Pahoran; subalit masdan, napakabilis ng pagtakas ni Kiskumen na walang sinuman ang nakahabol sa kanya.

11 At siya ay nagtungo sa mga yaong nagsugo sa kanya, at silang lahat ay nakipagtipan, oo, nangangako sa kanilang walang hanggang Lumikha, na hindi nila sasabihin sa kanino

[HELAMAN]
**1** 2*a* Alma 50:40.
5*a* Mos. 29:26–29.
8*a* GBK Malaya, Kalayaan.

man na pinaslang ni Kiskumen
si Pahoran.
12 Anupa't si Kiskumen ay
hindi nakilala sa mga tao ni Nephi, sapagkat siya'y nakabalatkayo sa panahong pinaslang niya si Pahoran. At si Kiskumen at ang kanyang pangkat, na nakipagtipan sa kanya, ay inihalubilo ang kanilang sarili sa mga tao, sa kaparaanang silang lahat ay hindi matutuklasan; subalit kasindami ng natuklasan ay hinatulan ng [a]kamatayan.
13 At ngayon masdan, si Pacumeni ay hinirang, alinsunod sa tinig ng mga tao, na maging punong hukom at gobernador sa mga tao, upang manungkulang kahalili ng kanyang kapatid na si Pahoran; at ito ay alinsunod sa kanyang karapatan. At ang lahat ng ito ay naganap sa ikaapatnapung taon ng panunungkulan ng mga hukom; at ito ay nagtapos.
14 At ito ay nangyari na, na sa ikaapatnapu at isang taon ng panunungkulan ng mga hukom, na nangalap ng di mabilang na hukbo ng mga tauhan ang mga Lamanita, at sinandatahan sila ng mga espada, at ng mga simitar at ng mga busog, at ng mga palaso, at ng mga baluti sa ulo, at ng mga baluti sa dibdib, at ng lahat ng uri ng pananggalang ng bawat uri.
15 At muli silang sumalakay upang sumagupa sa digmaan laban sa mga Nephita. At sila ay pinamunuan ng isang lalaki na nagngangalang Coriantumer; at siya ay inapo ni Zarahemla; at isa siyang tumiwalag mula sa mga Nephita; at isa siyang malaki at malakas na lalaki.
16 Kaya nga, ang hari ng mga Lamanita, na ang pangalan ay Tubalot, na anak na lalaki ni [a]Amoron, sa pag-aakala na si Coriantumer, sapagkat isang malakas na lalaki, ay maaaring manaig sa mga Nephita, sa pamamagitan ng kanyang lakas at gayon din sa pamamagitan ng kanyang kahanga-hangang karunungan, kung kaya nga't sa pamamagitan ng pagpapasugo sa kanya ay matamo niya ang kapangyarihan sa mga Nephita—
17 Kung kaya nga't kanyang pinukaw sila na magalit, at kinalap niya ang kanyang mga hukbo, at hinirang niya si Coriantumer na maging pinuno nila, at pinahayo sila patungo sa lupain ng Zarahemla upang makidigma laban sa mga Nephita.
18 At ito ay nangyari na, na dahil sa labis na alitan at maraming suliranin sa pamahalaan, na hindi sila nakapagtalaga ng sapat na bantay sa lupain ng Zarahemla; sapagkat inakala nila na ang mga Lamanita ay hindi magtatangkang pasukin ang pusod ng kanilang mga lupain upang lusubin ang yaong malaking lunsod ng Zarahemla.
19 Subalit ito ay nangyari na, na si Coriantumer ay humayo sa unahan ng kanyang napakalaking hukbo, at sinalakay ang mga naninirahan sa lunsod, at naging napakabilis ng kanilang pagsulong na wala

12*a* GBK Mabigat na Kaparusahan.
16*a* Alma 52:3.

nang panahon pa upang maka-
lap ng mga Nephita ang kani-
lang mga hukbo.
20 Samakatwid pinatay ni Co-
riantumer ang bantay sa pasu-
kan ng lunsod, at humayong
kasama ang kanyang buong
hukbo patungo sa lunsod, at
pinatay nila ang lahat ng hu-
madlang sa kanila, hanggang
sa maangkin nila ang buong
lunsod.
21 At ito ay nangyari na, na
si Pacumeni, na siyang pu-
nong hukom, ay tumakas sa
harapan ni Coriantumer, ma-
ging hanggang sa mga pader
ng lunsod. At ito ay nangyari
na, na inihampas siya ni Cori-
antumer sa pader, hanggang
sa siya ay mamatay. At sa ga-
yon nagtapos ang mga araw ni
Pacumeni.
22 At ngayon, nang matanto ni
Coriantumer na nasa pag-aari
na niya ang lunsod ng Zara-
hemla, at nakitang nagsisitakas
ang mga Nephita sa kanilang
harapan, at mga napatay, at na-
dakip, at itinapon sa bilanggu-
an, at na nakamtan niya ang
pag-aari ng pinakamalakas na
muog sa buong lupain, na siya
ay nagkalakas-loob hanggang
sa pasugod na sana siya sa la-
hat ng lupain.
23 At ngayon hindi siya nana-
tili sa lupain ng Zarahemla,
kundi humayo siyang kasama
ang isang malaking hukbo, ma-
ging patungo sa lunsod ng Ma-
sagana; sapagkat matibay ang
hangarin niyang sumalakay at
marating ang kanyang paroroo-
nan sa pamamagitan ng espada,
upang matamo niya ang mga
hilagang bahagi ng lupain.
24 At, sa pag-aakala na ang
kanilang pinaka-lakas ay nasa
gitna ng lupain, kaya nga siya
ay humayo, hindi nagbigay
ng panahon sa kanila upang
sama-samang matipon ang ka-
nilang sarili maliban lamang sa
maliliit na pangkat; at sa pama-
maraang ito kanilang sinalakay
sila at pinabagsak sila sa lupa.
25 Subalit masdan, ang pag-
hayong ito ni Coriantumer sa
gitna ng lupain ang nagbigay
kay Moronihas ng malaking ka-
lamangan sa kanila, sa kabila
ng malaking bilang ng mga
Nephita na napatay.
26 Sapagkat masdan, ina-
kala ni Moronihas na ang mga
Lamanita ay hindi magtatang-
kang pasukin ang gitna ng lu-
pain, kundi sasalakayin nila ang
mga lunsod sa paligid na nasa
mga hangganan tulad ng kani-
lang ginawa noon; kaya nga pi-
napangyari ni Moronihas na
ang kanilang malakas na huk-
bo ay pangalagaan ang mga ya-
ong bahagi na nasa paligid na
malapit sa mga hangganan.
27 Subalit masdan, ang mga
Lamanita ay hindi natakot alin-
sunod sa kanyang nais, kundi
pinasok nila ang gitna ng lupa-
in, at sinakop ang kabisera na
lunsod ng Zarahemla, at huma-
yo sa mga pinakakabiserang
bahagi ng lupain, pinapatay
ang mga tao ng isang malaking
pagkatay, kapwa kalalakihan,
kababaihan at maliliit na bata,
inaangkin ang maraming lun-
sod at maraming muog.

28 Subalit nang matuklasan ito ni Moronihas, kaagad niyang isinugo si Lehi na kasama ang hukbo sa paligid upang hadlangan sila bago sila makarating sa lupaing Masagana.
29 At gayon nga ang ginawa niya; at kanyang nahadlangan sila bago sila nakarating sa lupaing Masagana, at nakidigma sa kanila, hanggang sa nagsimula silang magsiurong patungo sa lupain ng Zarahemla.
30 At ito ay nangyari na, na hinadlangan sila ni Moronihas sa kanilang pag-urong, at nakidigma sa kanila, hanggang sa ito ay naging isang labis na madugong digmaan; oo, marami ang napatay, at natagpuan ding kabilang sa mga yaong napatay si [a]Coriantumer.
31 At ngayon, masdan, ang mga Lamanita ay hindi makaurong saan mang panig, ni sa hilaga, ni sa timog, ni sa silangan, ni sa kanluran man, sapagkat sila ay napaligiran sa lahat ng panig ng mga Nephita.
32 At sa gayon pinasugod ni Coriantumer ang mga Lamanita sa gitna ng mga Nephita, hanggang sa sila ay mapailalim sa kapangyarihan ng mga Nephita, at siya mismo ay napatay, at isinuko ng mga Lamanita ang kanilang sarili sa mga kamay ng mga Nephita.
33 At ito ay nangyari na, na inangking muli ni Moronihas ang lunsod ng Zarahemla, at pinapangyari na ang mga Lamanita na mga nadalang bihag ay paalisin nang mapayapa sa lupain.
34 At sa gayon nagtapos ang ikaapatnapu at isang taon ng panunungkulan ng mga hukom.

## KABANATA 2

*Ang ikalawang Helaman, ang anak na lalaki ni Helaman, ay naging punong hukom—Pinamunuan ni Gadianton ang pangkat ni Kiskumen—Pinatay ng tagapagsilbi ni Helaman si Kiskumen, at ang pangkat ni Gadianton ay nagsitakas patungo sa ilang. Mga 50–49 B.C.*

AT ito ay nangyari na, na sa ikaapatnapu at dalawang taon ng panunungkulan ng mga hukom, matapos na muling maitatag ni Moronihas ang kapayapaan sa pagitan ng mga Nephita at ng mga Lamanita, masdan, wala ni isa man ang maaaring manungkulan sa hukumang-luklukan; anupa't nagsimulang magkaroong muli ng alitan sa mga tao hinggil sa kung sino ang manunungkulan sa hukumang-luklukan.
2 At ito ay nangyari na, na si Helaman, na anak ni Helaman, ay hinirang na manungkulan sa hukumang-luklukan, sa pamamagitan ng tinig ng mga tao.
3 Subalit masdan, si [a]Kiskumen, na siyang pumaslang kay Pahoran, ay nag-abang upang mapatay rin niya si Helaman; at siya ay itinaguyod ng kanyang pangkat, na mga nakipagtipan

30*a* Hel. 1:15. **2** 3*a* Hel. 1:9.

na walang sinumang makaa-
alam ng kanyang kasamaan.
4 Sapagkat may isang [a]Ga-
dianton, na napakabihasa sa
maraming salita, at gayon din
sa kanyang katusuhan, upang
ipagpatuloy ang lihim na gawa-
in ng pagpaslang at ng panlolo-
ob; anupa't siya ang naging pi-
nuno ng pangkat ni Kiskumen.
5 Anupa't kanyang hinibok
sila, at gayon din si Kiskumen,
na kung kanilang iuupo siya sa
hukumang-luklukan ay ipag-
kakaloob niya sa mga yaong
nabibilang sa kanyang pangkat
na iluklok sila sa kapangyari-
han at karapatan sa mga tao;
kung kaya't hinangad ni Kis-
kumen na patayin si Helaman.
6 At ito ay nangyari na, nang
siya ay humayo patungo sa hu-
kumang-luklukan upang pata-
yin si Helaman, masdan, isa sa
mga tagapagsilbi ni Helaman,
na lumabas sa gabi, at matapos
matamo, sa pamamagitan ng
pagbabalatkayo, ang kaalaman
ng mga yaong plano na inilatag
ng pangkat na ito upang pata-
yin si Helaman—
7 At ito ay nangyari na, na na-
katagpo niya si Kiskumen, at
kanyang binigyan siya ng pala-
tandaan; kaya nga ipinaalam
sa kanya ni Kiskumen ang la-
yunin ng kanyang naisin, hini-
hiling na kanyang samahan siya
sa hukumang-luklukan upang
mapaslang niya si Helaman.
8 At nang malaman ng taga-
pagsilbi ni Helaman ang lahat
ng nasa puso ni Kiskumen, at
kung paanong layunin niya
ang pumaslang, at na ang la-
yunin din ng lahat ng yaong
nabibilang sa kanyang pangkat
ay pumaslang, at manloob, at
magtamo ng kapangyarihan,
(at ito ang [a]lihim nilang plano,
at kanilang pagsasabwatan) na
sinabi ng tagapagsilbi ni Hela-
man kay Kiskumen: Halina't
tayo ay magtungo sa huku-
mang-luklukan.
9 Ngayon labis itong ikinasiya
ni Kiskumen, sapagkat inakala
niyang maisasagawa niya ang
kanyang layunin; subalit mas-
dan, ang tagapagsilbi ni Hela-
man, habang patungo sila sa
hukumang-luklukan, ay sinak-
sak si Kiskumen maging sa
puso, kaya't bumagsak siyang
patay nang walang pagdaing.
At siya ay tumakbo at sinabi
kay Helaman ang lahat ng ba-
gay na kanyang nakita, at nari-
nig, at nagawa.
10 At ito ay nangyari na, na si
Helaman ay nagpasugo upang
dakpin ang pangkat na ito ng
mga tulisan at lihim na mama-
matay-tao, upang sila ay mapa-
rusahan alinsunod sa batas.
11 Subalit masdan, nang ma-
tuklasan ni Gadianton na si
Kiskumen ay hindi nakabalik
siya ay natakot na baka siya ay
patayin; kaya nga pinasunod
niya sa kanya ang kanyang
pangkat. At nagsitakas silang
palabas ng lupain, sa isang li-
him na daan, patungo sa ilang;

4*a* GBK Tulisan ni Gadianton, Mga.
8*a* 2 Ne. 10:15. GBK Lihim na Pagsasabwatan, Mga.

at sa gayon nang magpasugo si
Helaman upang dakpin sila ay
hindi na sila matagpuan.
12 At marami pa hinggil sa
Gadiantong ito ang babanggi-
tin pagkaraan nito. At sa gayon
nagtapos ang ikaapatnapu at
dalawang taon ng panunung-
kulan ng mga hukom sa mga
tao ni Nephi.
13 At masdan, makikita ninyo
sa katapusan ng aklat na ito na
ang [a]Gadiantong ito ang nag-
patunay sa pagbagsak, oo, ha-
los sa ganap na pagkalipol ng
mga tao ni Nephi.
14 Masdan hindi ko ibig sabi-
hin ang katapusan ng aklat ni
Helaman, kundi ibig kong sa-
bihin ang katapusan ng aklat ni
Nephi, kung saan ko hinangong
lahat ang ulat na aking isinulat.

## KABANATA 3

*Maraming Nephita ang dumayo sa lupaing pahilaga—Sila ay nagtayo ng mga tirahang semento at nag-ingat ng maraming talaan—Sampu-sampung libo ang nagbalik-loob at nabinyagan—Inakay ng salita ng Diyos ang mga tao tungo sa kaligtasan—Si Nephi, ang anak ni Helaman ay nanungkulan sa hukumang-luklukan. Mga 49–39 B.C.*

AT ngayon ito ay nangyari na,
na sa ikaapatnapu at tatlong
taon ng panunungkulan ng mga
hukom, na hindi nagkaroon ng
alitan sa mga tao ni Nephi, mali-
ban sa kaunting kapalaluan na
nasa simbahan, na naging dahi-
lan ng ilang pagtiwalag sa mga
tao, kung aling mga pangyaya-
ri ay naisaayos sa pagtatapos
ng ikaapatnapu at tatlong taon.
2 At hindi nagkaroon ng ali-
tan sa mga tao sa ikaapatnapu
at apat na taon; ni hindi nagka-
roon ng labis na alitan sa ika-
apatnapu at limang taon.
3 At ito ay nangyari na, na sa
ikaapatnapu at anim na taon,
oo, nagkaroon ng labis na alitan
at maraming pagtiwalag; kung
kaya't lubhang napakarami ang
nagsipaglisan sa lupain ng Zara-
hemla, at nagtungo sa lupaing
[a]pahilaga upang manahin ang
lupain.
4 At sila ay naglakbay nang
pagkalayu-layo hanggang sa
sila ay makarating sa [a]malala-
king katawan ng tubig at mara-
ming ilog.
5 Oo, at maging sa sila ay ku-
malat sa lahat ng dako ng lupa-
in, patungo sa anumang dako
na hindi napabayaan at walang
kahoy, dahil sa dami ng nani-
rahan noon sa lupain.
6 At ngayon walang dako ng
lupain ang napabayaan, mali-
ban sa kahoy; subalit dahil sa
kalakihan ng [a]pagkalipol ng
mga tao na noon ay nanirahan
sa lupain kung kaya't tinawag
itong [b]napabayaan.
7 At sapagkat kakaunti lamang
ang kahoy sa ibabaw ng lupain,
gayon pa man, ang mga taong
dumating ay naging labis na
dalubhasa sa paggawa ng se-

13*a* Hel. 6:18;
4 Ne. 1:42.
**3** 3*a* Alma 63:4.
4*a* Mos. 8:8; Morm. 6:4.
6*a* Mos. 21:25–27.
*b* Alma 22:31.

mento; anupa't sila ay nagtayo
ng mga tirahang semento,
kung saan sila ay nanirahan.
8 At ito ay nangyari na, na sila
ay dumami at kumalat, at hu-
mayo mula sa lupaing patimog
patungo sa lupaing pahilaga, at
kumalat hanggang sa nagsimula
silang kumalat sa ibabaw ng bu-
ong lupain, mula sa timog dagat
hanggang sa hilagang dagat,
mula sa [a]kanlurang dagat hang-
gang sa silangang dagat.
9 At ang mga tao na nasa lupa-
ing pahilaga ay nanirahan sa
mga tolda, at sa mga tirahang
semento, at pinahintulutan ni-
lang tumubo ang anumang pu-
nungkahoy sa ibabaw ng lupa-
in upang lumaki ito, nang sa
pagdating ng panahon sila ay
magkaroon ng mga kahoy na
ipagpapatayo ng kanilang mga
tirahan, oo, kanilang mga lun-
sod, at kanilang mga templo,
at kanilang mga sinagoga, at
kanilang mga santuwaryo, at
lahat ng uri ng kanilang mga
gusali.
10 At ito ay nangyari na, sa-
pagkat ang kahoy ay labis na
kakaunti sa lupaing pahilaga,
sila ay nag-angkat ng marami
sa pamamagitan ng paglululan
sa mga [a]sasakyang-dagat.
11 At sa gayon nagawa nila na
ang mga tao sa lupaing pahila-
ga ay makapagtayo ng mara-
ming lunsod, kapwa ng kahoy
at ng semento.
12 At ito ay nangyari na, na
marami sa mga [a]tao ni Ammon,
na isinilang na mga Lamanita,
ay nagtungo rin sa lupaing ito.
13 At ngayon maraming talaan
ang iningatan tungkol sa mga
pangyayari sa mga taong ito,
ng marami sa mga taong ito, na
ganap at napakarami, hinggil
sa kanila.
14 Subalit masdan, ang ika-
isandaang bahagi ng mga pang-
yayari sa mga taong ito, oo, ang
ulat ng mga Lamanita at ng mga
Nephita, at kanilang mga dig-
maan, at alitan, at pagtatalo, at
kanilang pangangaral, at kani-
lang mga propesiya, at kanilang
paglulan sa mga sasakyang-da-
gat at kanilang paggawa ng mga
sasakyang-dagat, at kanilang
pagtatayo ng mga [a]templo, at ng
mga sinagoga at kanilang mga
santuwaryo, at kanilang kabuti-
han, at kanilang kasamaan, at
kanilang mga pagpaslang, at ka-
nilang mga panloloob, at kani-
lang pandarambong, at lahat ng
uri ng karumal-dumal na gawa-
in at pagpapatutot, ay hindi ma-
aaring isama sa gawang ito.
15 Subalit masdan, may mara-
ming aklat at maraming talaan
ng lahat ng uri, at karaniwang
iniingatan ang mga ito ng mga
Nephita.
16 At ang mga ito ay [a]ipinapa-
sa-pasa sa bawat sali't salinlahi
ng mga Nephita, maging hang-
gang sa mahulog sila sa pagla-
bag at pinaslang, dinambong, at
tinugis, at itinaboy, at pinatay,
at ikinalat sa balat ng lupa, at
nakisalamuha sa mga Lamanita

8*a* Alma 22:27, 32.
10*a* Alma 63:5–8.
12*a* Alma 27:21–26.
14*a* 2 Ne. 5:16; Jac. 1:17; 3 Ne. 11:1.
16*a* 1 Ne. 5:16–19; Alma 37:4.

hanggang sa [b]hindi na sila tinawag pang mga Nephita, naging masasama, at mababangis, at malulupit, oo, maging hanggang sa naging mga Lamanita.
17 At ngayon muli akong magbabalik sa sarili kong ulat; samakatwid, lumipas ang aking sinabi matapos magkaroon ng malalaking pagtatalo at kaguluhan, at mga digmaan, at pagtiwalag, sa mga tao ni Nephi.
18 Ang ikaapatnapu at anim na taon ng panunungkulan ng mga hukom ay nagtapos;
19 At ito ay nangyari na, na mayroon pa ring malaking alitan sa lupain, oo, maging sa ikaapatnapu at pitong taon, at gayon din sa ikaapatnapu at walong taon.
20 Gayon pa man, si Helaman ay nanungkulan sa hukumang-luklukan sa katarungan at pagkakapantay-pantay; oo, pinagsikapan niyang sundin ang mga batas, at ang mga kahatulan, at ang mga kautusan ng Diyos; at patuloy niyang ginawa ang yaong tama sa paningin ng Diyos; at lumakad siya alinsunod sa mga landas ng kanyang ama, hanggang sa umunlad siya sa lupain.
21 At ito ay nangyari na, na siya ay may dalawang anak na lalaki. Ibinigay niya sa pinakamatanda ang pangalang [a]Nephi, at sa pinakabata, ang pangalang [b]Lehi. At sila ay nagsimulang lumaki sa Panginoon.
22 At ito ay nangyari na, na ang mga digmaan at alitan ay nagsimulang huminto nang kaunti, sa mga tao ng mga Nephita, sa huling bahagi ng ikaapatnapu at walong taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi.
23 At ito ay nangyari na, na sa ikaapatnapu at siyam na taon ng panunungkulan ng mga hukom, naitatag ang patuloy na kapayapaan sa lupain, lahat maliban sa mga lihim na pagsasabwatang itinatag ni [a]Gadianton, ang tulisan, sa higit na tinitirahang bahagi ng lupain, na sa panahong yaon ay lingid pa sa kaalaman ng mga yaong nasa pamunuan ng pamahalaan; kaya nga, hindi sila nalipol sa lupain.
24 At ito ay nangyari na, na sa taon ding ito ay nagkaroon ng napakalaking pag-unlad sa simbahan, hanggang sa libu-libo ang isinapi ang kanilang sarili sa simbahan at bininyagan tungo sa pagsisisi.
25 At napakalaki ng naging pag-unlad ng simbahan, at napakaraming pagpapala ang ibinuhos sa mga tao, na maging ang matataas na saserdote at mga guro na rin ay nanggilalas nang di masusukat.
26 At ito ay nangyari na, na ang gawain ng Panginoon ay sumulong tungo sa pagbibinyag at pagsapi sa simbahan ng Diyos ng maraming tao, oo, maging sampu-sampung libo.
27 Sa gayon makikita natin na ang Panginoon ay maawain sa

16*b* Alma 45:12–14.
21*a* GBK Nephi, Anak ni Helaman.
*b* GBK Lehi, Nephitang Misyonero.
23*a* Hel. 2:4.

lahat ng yaon na, sa katapatan ng kanilang mga puso, ay nananawagan sa kanyang banal na pangalan.

28 Oo, sa gayon nakikita natin na ang [a]pintuan ng langit ay bukas para sa [b]lahat, maging sa mga yaong maniniwala sa pangalan ni Jesucristo, na siyang Anak ng Diyos.

29 Oo, nakikita natin na sinuman ang magnanais ay makayayakap sa [a]salita ng Diyos, na [b]buhay at makapangyarihan, na maghahati-hati sa lahat ng katusuhan, at mga patibong at panlilinlang ng diyablo, at akayin ang tao ni Cristo sa makipot at [c]makitid na daan sa kabila ng yaong walang hanggang [d]look ng kalungkutan na inihanda upang lamunin ang masasama—

30 At humantong ang kanilang mga kaluluwa, oo, ang kanilang mga walang kamatayang kaluluwa, sa [a]kanang kamay ng Diyos sa kaharian ng langit, upang umupong kasama ni Abraham, at Isaac, at kasama ni Jacob, at lahat ng ating banal na ama, upang hindi na lumabas pa.

31 At sa taong ito ay nagkaroon ng patuloy na pagsasaya sa lupain ng Zarahemla, at sa lahat ng dako sa paligid, maging sa lahat ng lupaing pag-aari ng mga Nephita.

32 At ito ay nangyari na, na nagkaroon ng kapayapaan at labis na kagalakan sa nalalabing araw ng ikaapatnapu at siyam na taon; oo, at nagkaroon din ng patuloy na kapayapaan at labis na kagalakan sa ikalimampung taon ng panunungkulan ng mga hukom.

33 At sa ikalimampu at isang taon ng panunungkulan ng mga hukom ay nagkaroon din ng kapayapaan, maliban sa kapalaluan na nagsimulang pumasok sa simbahan—hindi sa simbahan ng Diyos, kundi sa mga puso ng mga taong nagpapahayag na kabilang sila sa simbahan ng Diyos—

34 At iniangat sila sa [a]kapalaluan, maging hanggang sa pag-uusig sa marami sa kanilang mga kapatid. Ngayon, ito ay malaking kasamaan, na naging dahilan upang ang higit na mapagpakumbabang bahagi ng mga tao ay magdanas ng malulupit na pag-uusig, at dumanas ng labis na pagdurusa.

35 Gayon pa man, sila ay madalas na [a]nag-ayuno at [b]nanalangin, at tumibay nang tumibay sa kanilang [c]pagpapakumbaba, at tumatag nang tumatag sa kanilang pananampalataya kay Cristo, hanggang sa mapuspos ang kanilang mga kaluluwa ng kagalakan at kasiyahan, oo, maging hanggang sa [d]pagpa-

28*a* 2 Ne. 31:9, 17.
*b* Gawa 10:28; Rom. 2:10–11.
29*a* GBK Salita ng Diyos.
*b* Heb. 4:12; D at T 11:2.
*c* 2 Ne. 9:41; 33:9.
*d* 1 Ne. 15:28–30.
30*a* Mat. 25:33–34.
34*a* GBK Kapalaluan.
35*a* GBK Ayuno, Pag-aayuno.
*b* GBK Panalangin.
*c* GBK Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba.
*d* GBK Dalisay, Kadalisayan.

padalisay at sa [e]pagpapakaba-
nal ng kanilang mga puso,
kung aling pagpapakabanal ay
napasakanila dahil sa [f]pagha-
handog ng kanilang mga puso
sa Diyos.
36 At ito ay nangyari na, na
ang ikalimampu at dalawang
taon ay nagtapos din sa kapa-
yapaan, maliban sa labis na ka-
palaluang umusbong sa mga
puso ng mga tao; at dahil ito sa
napakalaki nilang [a]kayamanan
at kanilang pananagana sa lu-
pain; at ito ay sumisibol sa ka-
nila sa araw-araw.
37 At ito ay nangyari na, na sa
ikalimampu at tatlong taon ng
panunungkulan ng mga hu-
kom, si Helaman ay namatay,
at ang kanyang pinakamatan-
dang anak na si Nephi ay nag-
simulang manungkulang ka-
halili niya. At ito ay nangyari
na, na siya ay nanungkulan sa
hukumang-luklukan sa kataru-
ngan at pagkakapantay-pantay;
oo, sinunod niya ang mga ka-
utusan ng Diyos, at lumakad
alinsunod sa mga landas ng
kanyang ama.

## KABANATA 4

*Ang mga tumiwalag sa mga Nephita at ang mga Lamanita ay nagsanib ng lakas at sinakop ang lupain ng Zarahemla—Ang pagkatalo ng mga Nephita ay dumating dahil sa kanilang kasamaan—Nanghina ang simbahan, at naging mahihina ang mga tao tulad ng mga Lamanita. Mga 38–30 B.C.*

At ito ay nangyari na, na sa
ikalimampu at apat na taon ay
nagkaroon ng maraming pag-
tatalo sa simbahan, at nagkaro-
on din ng [a]alitan sa mga tao,
hanggang sa magkaroon ng ma-
raming pagdanak ng dugo.
2 At ang mapaghimagsik na
bahagi ay napatay at naitaboy
palabas ng lupain, at sila ay
nagsitungo sa hari ng mga
Lamanita.
3 At ito ay nangyari na, na sila
ay nagsumigasig na pukawin
ang mga Lamanita na makidig-
ma laban sa mga Nephita; suba-
lit masdan, ang mga Lamanita
ay labis ang pagkatakot, kung
kaya nga't sila ay tumangging
makinig sa mga salita ng mga
yaong tumiwalag.
4 Subalit ito ay nangyari na, na
sa ikalimampu at anim na taon
ng panunungkulan ng mga hu-
kom, na may mga [a]tumiwalag
sa mga Nephita na umahon sa
mga Lamanita; at sila ay nagta-
gumpay kasama ang mga yaong
iba sa pagpukaw sa kanila na
magalit laban sa mga Nephita;
at silang lahat ay naghanda para
sa digmaan ng taong yaon.
5 At sa ikalimampu at pitong
taon, sila ay sumalakay laban sa
mga Nephita upang makidig-
ma, at sinimulan nila ang gawa
ng kamatayan; oo, kung kaya
nga't sa ikalimampu at walong
taon ng panunungkulan ng mga
hukom, sila ay nagtagumpay sa

35*e* GBK Pagpapabanal.
*f* 2 Cron. 30:8; Mos. 3:19.
36*a* GBK Kayamanan.
**4** 1*a* 3 Ne. 11:29.
4*a* Hel. 5:17.

pag-angkin ng lupain ng Zarahemla; oo, at gayon din ng lahat ng lupain, maging ang lupaing malapit sa lupaing Masagana.
6 At ang mga Nephita at ang mga hukbo ni Moronihas ay naitaboy maging hanggang sa lupaing Masagana;
7 At doon sila nagpalakas laban sa mga Lamanita, mula sa kanlurang dagat, maging hanggang sa silangan; ito na isang araw na paglalakbay para sa isang Nephita, sa hangganang pinalakas nila at inihimpil ang kanilang mga hukbo upang ipagtanggol ang kanilang hilagang bayan.
8 At sa gayon ang mga yaong tumiwalag sa mga Nephita, sa tulong ng napakalaking hukbo ng mga Lamanita, ay natamo ang lahat ng pag-aari ng mga Nephita na nasa lupaing patimog. At ang lahat ng ito ay naganap sa ikalimampu at walo at siyam na taon ng panunungkulan ng mga hukom.
9 At ito ay nangyari na, na sa ikaanimnapung taon ng panunungkulan ng mga hukom, si Moronihas ay nagtagumpay kasama ang kanyang mga hukbo sa pagbawi ng maraming bahagi ng lupain; oo, nabawi nila ang maraming lunsod na nahulog sa mga kamay ng mga Lamanita.
10 At ito ay nangyari na, na sa ikaanimnapu at isang taon ng panunungkulan ng mga hukom na sila ay nagtagumpay sa pagbawi maging ang kalahati ng lahat ng kanilang mga pag-aari.
11 Ngayon, ang malaking kawalang ito ng mga Nephita, at ang malaking pagkatay sa kanila, ay hindi sana naganap kung hindi dahil sa kanilang kasamaan at kanilang mga karumal-dumal na gawain na nasa kanila; oo, at ito ay nasa mga yaong nagpapahayag din na kabilang sila sa simbahan ng Diyos.
12 At dahil ito sa [a]kapalaluan ng kanilang mga puso, dahil sa labis na [b]kayamanan nila, oo, dahil ito sa kanilang pang-aapi sa mga [c]maralita, ipinagkakait ang kanilang pagkain sa mga nagugutom, ipinagkakait ang kanilang mga kasuotan sa mga hubad, at sinasampal sa pisngi ang kanilang mga mapagpakumbabang kapatid, kinukutya ang yaong banal, itinatatwa ang diwa ng propesiya at ng paghahayag, pumapaslang, nandarambong, nagsisinungaling, nagnanakaw, nakikiapid, nagpapasimula sa malalaking alitan, at tumitiwalag patungo sa lupain ng Nephi, sa mga Lamanita—
13 At dahil sa malaking kasamaang ito, at kanilang [a]pagmamalaki sa kanilang sariling lakas, sila ay naiwan sa kanilang sariling lakas; kaya nga, hindi sila umunlad, kundi pinahirapan at binagabag, at itinaboy sa harapan ng mga Lamanita, hanggang sa sila ay mawalan ng pag-aari sa halos lahat ng kanilang mga lupain.
14 Subalit masdan, si Moroni-

12*a* Obad. 1:3–4; D at T 101:42.
*b* 1 Tim. 6:17; 2 Ne. 9:42.
*c* D at T 42:30–31.
13*a* GBK Kapalaluan.

has ay nangaral ng maraming
bagay sa mga tao dahil sa kani-
lang kasamaan, at gayon din
sina [a]Nephi at Lehi, na mga
anak na lalaki ni Helaman, ay
nangaral ng maraming bagay
sa mga tao, oo, at nagpropesiya
ng maraming bagay sa kanila
hinggil sa kanilang mga kasa-
maan, at kung ano ang mang-
yayari sa kanila kung hindi sila
magsisisi ng kanilang mga ka-
salanan.
15 At ito ay nangyari na, na
sila ay nagsisi, at yaman din la-
mang na nagsisi sila ay nagsi-
mula silang umunlad.
16 Sapagkat nang makita ni
Moronihas na nagsisi sila ay
nangahas siyang pamunuan
sila nang lugar sa lugar, at lun-
sod sa lunsod, maging hang-
gang sa mabawi nila ang kala-
hati ng kanilang mga ari-arian,
at ang kalahati ng lahat ng ka-
nilang mga lupain.
17 At sa gayon nagtapos ang
ikaanimnapu at isang taon ng
panunungkulan ng mga hukom.
18 At ito ay nangyari na, na sa
ikaanimnapu at dalawang taon
ng panunungkulan ng mga hu-
kom, na si Moronihas ay hindi
na nakakuha pa ng mga ari-ari-
an sa mga Lamanita.
19 Anupa't tinalikdan nila ang
kanilang hangaring makuha ang
nalalabi nilang mga lupain, sa-
pagkat napakarami ng mga
Lamanita na hindi maaari para
sa mga Nephita na magkaroon
pa ng higit na kapangyarihan
sa kanila; kaya nga, ginamit ni
Moronihas ang kanyang buong
hukbo sa pagpapanatili ng mga
yaong bahagi na nabawi niya.
20 At ito ay nangyari na, na
dahil sa kalakihan ng bilang ng
mga Lamanita ay malaki ang
naging pagkatakot ng mga Ne-
phita, na baka madaig sila, at
yapak-yapakan, at pagpapapa-
tayin, at malipol.
21 Oo, nagsimulang maalaala
nila ang mga propesiya ni
Alma, at gayon din ang mga sa-
lita ni Mosias; at natanto nila
na sila ay naging mga taong
matitigas ang leeg, at ipinag-
walang-bahala nila ang mga
kautusan ng Diyos;
22 At na binago nila at niyura-
kan sa ilalim ng kanilang mga
paa ang mga [a]batas ni Mosias, o
ang mga yaong iniutos sa kan-
ya ng Panginoon na ibigay sa
mga tao; at natanto nila na ang
kanilang mga batas ay naging
tiwali, at na sila ay naging ma-
sasamang tao, hanggang sa ang
kasamaan nila ay naging tulad
ng sa mga Lamanita.
23 At dahil sa kanilang kasa-
maan ay nagsimulang [a]mang-
hina ang simbahan; at nagsi-
mula silang hindi maniwala sa
diwa ng propesiya at sa diwa
ng paghahayag; at ang mga ka-
hatulan ng Diyos ay tumitig sa
kanilang mga mukha.
24 At natanto nilang sila ay
naging [a]mahihina, tulad ng ka-
nilang mga kapatid, ang mga
Lamanita, at hindi na sila pina-

14*a* Hel. 3:21.
22*a* Alma 1:1.
23*a* gbk Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan.
24*a* Mos. 1:13.

ngangalagaan pa ng [b]Espiritu
ng Panginoon; oo, lumisan ito
sa kanila sapagkat ang Espiritu
ng Panginoon ay hindi nanana-
hanan sa mga [c]hindi banal na
templo—
25 Anupa't ang Panginoon ay
tumigil sa pangangalaga sa ka-
nila sa pamamagitan ng kan-
yang mapaghimala at walang
kapantay na kapangyarihan,
sapagkat sila ay nahulog sa ka-
lagayan ng [a]kawalang-panini-
wala at kakila-kilabot na kasa-
maan; at nakita nila na higit na
napakarami ng mga Lamanita
kaysa sa kanila, at maliban
kung [b]mangungunyapit sila sa
Panginoon nilang Diyos ay
hindi maiiwasang sila ay ma-
sawi.
26 Sapagkat masdan, nakita
nila na ang lakas ng mga Lama-
nita ay kasinglakas ng kanilang
lakas, maging lalaki sa lalaki.
At sa gayon sila nahulog sa ma-
laking pagkakasalang ito; oo,
sa gayon sila naging mahihina,
dahil sa kanilang pagkakasala,
sa loob nang [a]hindi maraming
taon.

## KABANATA 5

*Ginugol nina Nephi at Lehi ang kanilang sarili sa pangangaral—Ang kanilang mga pangalan ay hinihikayat sila na itulad ang kanilang mga buhay sa kanilang mga ninuno—Tinutubos ni Cristo ang mga yaong nagsisisi—Sina Nephi at Lehi ay maraming napabalik-loob at ibinilanggo, at pinaligiran sila ng apoy—Nililiman ng isang ulap ng kadiliman ang tatlong daang katao—Ang lupa ay nayanig, at isang tinig ang nag-utos sa mga tao na magsisi—Sina Nephi at Lehi ay nakipag-usap sa mga anghel, at ang maraming tao ay pinaligiran ng apoy. Mga 30 B.C.*

AT ito ay nangyari na, na sa
taon ding ito, masdan, ibinigay
ni [a]Nephi ang hukumang-luk-
lukan sa isang lalaki na ang pa-
ngalan ay Cezoram.
2 Sapagkat ang kanilang mga
batas at kanilang mga pamaha-
laan ay pinagtitibay ng [a]tinig
ng mga tao, at ang mga yaong
[b]pumili ng kasamaan ay higit
na nakararami kaysa sa mga
yaong pumili ng kabutihan,
anupa't sila ay nahihinog na
para sa pagkalipol, sapagkat
ang mga batas ay naging tiwali.
3 Oo, at hindi lamang ito; sila
ay mga taong matitigas ang
leeg, kung kaya nga't hindi sila
mapamahalaan ng batas ni ka-
tarungan, maliban sa kanilang
pagkalipol.
4 At ito ay nangyari na, na si
Nephi ay nanghina dahil sa ka-
nilang kasamaan; at [a]isinuko
niya ang hukumang-luklukan,
at binalikat ng kanyang sarili na
ipangaral ang salita ng Diyos sa
lahat ng nalalabi niyang mga
araw, at gayon din ang kanyang
kapatid na si Lehi, lahat ng na-
lalabi niyang mga araw;

24*b* GBK Espiritu Santo.
*c* Mos. 2:37; Alma 7:21; 34:36.
25*a* GBK Kawalang-paniniwala.
*b* Jac. 6:5.
26*a* Alma 46:8; Hel. 12:3–4.
**5** 1*a* Hel. 3:37.
2*a* Mos. 29:25–27.
*b* Alma 10:19.
4*a* Alma 4:15–20.

5 Sapagkat naalaala nila ang mga salita ng kanilang amang si Helaman na sinabi sa kanila. At ito ang mga salitang kanyang sinabi:

6 Masdan, mga anak na lalaki, hinihiling kong pakatandaan ninyong sundin ang mga kautusan ng Diyos; at nais kong ipahayag ninyo ang mga salitang ito sa mga tao. Masdan, ibinigay ko sa inyo ang mga pangalan ng ating mga naunang [a]magulang na lumisan sa lupain ng Jerusalem; at ginawa ko ito nang sa gayon kapag naalaala ninyo ang inyong mga pangalan ay maalaala ninyo sila; at kapag naalaala ninyo sila ay maalaala ninyo ang kanilang mga gawa; at kapag naalaala ninyo ang kanilang mga gawa ay malaman ninyo kung paanong nasabi, at nasulat din, na sila'y [b]mabubuti.

7 Samakatwid, mga anak ko, nais kong gawin ninyo ang yaong mabuti, upang masabi sa inyo, at masulat din, maging tulad ng nasabi at nasulat tungkol sa kanila.

8 At ngayon mga anak ko, masdan, mayroon pa akong hihilingin sa inyo, kung aling kahilingan ay, na hindi ninyo gagawin ang mga bagay na ito upang kayo ay makapagmalaki, kundi gawin ang mga bagay na ito upang makapagtipon sa inyong sarili ng [a]kayamanan sa langit, oo, na walang hanggan, at hindi kumukupas; oo, upang makamit ninyo ang [b]yaong mahalagang kaloob na buhay na walang hanggan, na may dahilan upang akalain natin na ibinigay sa ating mga ama.

9 O pakatandaan, pakatandaan, mga anak ko, ang mga [a]salitang sinabi ni haring Benjamin sa kanyang mga tao; oo, pakatandaan na walang ibang daan o pamamaraan man na ang tao ay maaaring maligtas, tanging sa pamamagitan lamang ng [b]pambayad-salang dugo ni Jesucristo, na siyang paparito; oo, pakatandaan na siya ay paparito upang [c]tubusin ang [d]sanlibutan.

10 At tandaan din ang mga [a]salitang sinabi ni Amulek kay Zisrom, sa lunsod ng Ammonihas; sapagkat sinabi niya sa kanya na tiyak na paparito ang Panginoon upang tubusin ang kanyang mga tao, subalit hindi siya darating upang tubusin sila sa kanilang mga kasalanan, kundi upang tubusin sila mula sa kanilang mga kasalanan.

11 At may kapangyarihan siya na ibinigay sa kanya ng Ama upang sila ay tubusin mula sa kanilang mga kasalanan dahil sa pagsisisi; kaya nga, [a]isinugo niya ang kanyang mga anghel upang ihayag ang masayang

6*a* 1 Ne. 1:1, 5.
*b* 2 Ne. 33.
8*a* 3 Ne. 13:19–21.
*b* D at T 14:7.
9*a* Mos. 2:9.
*b* Mos. 3:17–18.
GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala.
*c* GBK Tubos, Tinubos, Pagtubos.
*d* GBK Daigdig—Mga taong hindi sumusunod sa mga kautusan.
10*a* Alma 11:34.
11*a* Alma 13:24–25.

balita na mga itinakda ng pagsisisi, na nagbibigay-daan sa kapangyarihan ng Manunubos, tungo sa kaligtasan ng kanilang mga kaluluwa.
12 At ngayon, mga anak ko,
tandaan, tandaan na sa [a]bato na ating Manunubos, na si Cristo, ang Anak ng Diyos, ninyo kailangang itayo ang inyong [b]saligan; nang sa gayon kapag ipinadala ng diyablo ang kanyang malalakas na hangin, oo, ang kanyang mga palaso sa buhawi, oo, kapag ang lahat ng kanyang ulang yelo at kanyang malakas na [c]bagyo ay humampas sa inyo, hindi ito magkakaroon ng kapangyarihan sa inyo na hilahin kayong pababa sa look ng kalungkutan at walang katapusang kapighatian, dahil sa bato kung saan kayo nakasandig, na tunay na saligan, isang saligan na kung sasandigan ng mga tao ay hindi sila maaaring bumagsak.
13 At ito ay nangyari na, na ito
ang mga salitang [a]itinuro ni Helaman sa kanyang mga anak; oo, kanyang tinuruan sila ng maraming bagay na hindi nasusulat, at marami ring bagay na nasusulat.
14 At natatandaan nila ang
kanyang mga salita; at kaya nga, sila ay humayo, sinusunod ang mga kautusan ng Diyos, upang ituro ang salita ng Diyos sa lahat ng tao ni Nephi, simula sa lunsod ng Masagana.
15 At mula roon hanggang sa
lunsod ng Gid; at mula sa lunsod ng Gid hanggang sa lunsod ng Mulek;
16 At maging lunsod sa lun-
sod, hanggang sa marating nila ang lahat ng tao ni Nephi na nasa lupaing patimog; at mula roon patungo sa lupain ng Zarahemla, sa mga Lamanita.
17 At ito ay nangyari na, na sila
ay nangaral sa dakilang kapangyarihan, kung kaya nga't nalito nila ang marami sa mga yaong [a]tumiwalag na mga Nephita, hanggang sa sila ay lumapit at ipinagtapat ang kanilang mga kasalanan at nabinyagan tungo sa pagsisisi, at kaagad silang bumalik sa mga Nephita upang masigasig na maisaayos sa kanila ang mga kamaliang nagawa nila.
18 At ito ay nangyari na, na
sina Nephi at Lehi ay nangaral sa mga Lamanita sa dakilang kapangyarihan at karapatan, sapagkat may ibinigay sa kanilang kapangyarihan at karapatan upang sila ay [a]makapagsalita, at ibinigay rin sa kanila kung ano ang nararapat nilang sabihin—
19 Anupa't sila ay nangusap
sa labis na panggigilalas ng mga Lamanita, tungo sa [a]pagpapaniwala sa kanila, hanggang sa may walong libo ng mga Lama-

12*a* Mat. 7:24–27; D at T 6:34; Moi. 7:53. GBK Batong Panulok; Bato.
*b* Is. 28:16; Jac. 4:16.
*c* 3 Ne. 14:25, 27.
13*a* Mos. 1:4.
17*a* Hel. 4:4.
18*a* D at T 100:5–8. GBK Propesiya, Pagpopropesiya.
19*a* GBK Pagbabalik-loob, Nagbalik-loob; Gawaing Pangmisyonero.

nita na nasa lupain ng Zara-
hemla at nasa paligid ang na-
binyagan tungo sa pagsisisi, at
napaniwala sa kasamaan ng
mga kaugalian ng kanilang
mga ama.
20 At ito ay nangyari na, na
sina Nephi at Lehi ay nagpatu-
loy mula roon patungo sa lupa-
in ng Nephi.
21 At ito ay nangyari na, na
sila ay dinakip ng isang hukbo
ng mga Lamanita at itinapon sa
[a]bilangguan; oo, maging sa yaon
ding bilangguan kung saan si
Ammon at ang kanyang mga
kapatid ay itinapon ng mga ta-
gapagsilbi ni Limhi.
22 At matapos silang itapon
sa bilangguan nang maraming
araw na walang pagkain, mas-
dan, sila ay nagtungo sa bi-
langguan upang kunin sila
nang kanilang mapatay sila.
23 At ito ay nangyari na, na
sina Nephi at Lehi ay napalili-
giran ng sa wari ay [a]apoy, ma-
ging hanggang sa hindi sila
nagtangkang saktan sila ng ka-
nilang mga kamay sa takot na
baka sila masunog. Gayon pa
man, sina Nephi at Lehi ay hin-
di nasunog; at sa wari'y naka-
tindig sila sa gitna ng apoy at
hindi nasusunog.
24 At nang makita nilang napa-
liligiran sila ng isang [a]haliging
apoy, at hindi sila nasusunog
nito, ay nagkaroon ng lakas
ang kanilang mga puso.
25 Sapagkat nakita nilang hin-
di nagtangkang saktan sila ng
mga Lamanita ng kanilang mga
kamay; ni ang magtangkang
lumapit sila sa kanila, kundi
nakatindig sa wari'y napipi sa
pagkamangha.
26 At ito ay nangyari na, na
sina Nephi at Lehi ay tumindig
at nagsimulang magsalita sa
kanila, sinasabing: Huwag ma-
takot, sapagkat masdan, ang
Diyos ang siyang nagpakita sa
inyo ng kagila-gilalas na bagay
na ito, kung alin ay ipinakita sa
inyo nang hindi ninyo saktan
kami ng inyong mga kamay
upang patayin kami.
27 At masdan, nang sabihin
nila ang mga salitang ito, ang
lupa ay malakas na nayanig, at
ang mga pader ng bilangguan
ay nayanig na sa wari'y gugu-
ho ang mga ito sa lupa; subalit
masdan, ang mga ito ay hindi
bumagsak. At masdan, sila na
mga nasa bilangguan ay mga
Lamanita at Nephita na mga
tumiwalag.
28 At ito ay nangyari na, na
sila ay nililiman ng ulap ng
[a]kadiliman, at isang kakila-
kilabot at tahimik na pagkata-
kot ang nanaig sa kanila.
29 At ito ay nangyari na, na
may narinig na isang [a]tinig
na sa wari'y nasa ibabaw ng
ulap ng kadiliman, sinasabing:
Magsisi kayo, magsisi kayo, at
huwag nang hangarin pang pa-
tayin ang aking mga tagapag-
lingkod na isinugo ko sa inyo
upang ihayag ang masayang
balita.

21*a* Mos. 7:6–7; 21:23.
23*a* Ex. 3:2.
24*a* Ex. 14:24; 1 Ne. 1:6; D at T 29:12; JS—K 1:16.
28*a* Ex. 14:20.
29*a* 3 Ne. 11:3–14.

30 At ito ay nangyari na, nang
marinig nila ang tinig na ito, at
namasdan, hindi ito tinig ng ku-
log, ni tunog man ng napakala-
kas na ingay, subalit masdan, ito
ay [a]tahimik na tinig nang ganap
na kahinahunan, sa wari'y isang
bulong, at ito ay tumagos ma-
ging sa buong kaluluwa—
31 At sa kabila nang kahinahu-
nan ng tinig, masdan, ang lupa
ay nayanig nang malakas, at ang
mga pader ng bilangguan ay
muling nayanig, na sa wari'y
guguho ito sa lupa; at masdan,
ang ulap ng kadiliman, na lumi-
lim sa kanila, ay hindi napalis—
32 At masdan, ang tinig
ay muling narinig, sinasabing:
Magsisi kayo, magsisi kayo, sa-
pagkat ang kaharian ng Langit
ay nalalapit na; at huwag nang
hangarin pang patayin ang
aking mga tagapaglingkod. At
ito ay nangyari na, na ang lupa
ay muling nayanig, at ang mga
pader ay nayanig.
33 At sa pangatlong pagkaka-
taon ay muling narinig ang ti-
nig, at nangusap sa kanila ng
mga kagila-gilalas na salita na
hindi maaaring sabihin ng mga
tao; at ang mga pader ay muling
nayanig, at ang lupa ay naya-
nig na sa wari'y mahahati ito.
34 At ito ay nangyari na, na
ang mga Lamanita ay hindi ma-
katakas dahil sa ulap ng kadili-
man na lumililim sa kanila; oo,
at hindi rin sila makakilos da-
hil sa takot na nanaig sa kanila.
35 Ngayon, may isa sa kanila
na isinilang na isang Nephita,
na minsa'y kabilang sa simba-
han ng Diyos subalit tumiwa-
lag mula sa kanila.
36 At ito ay nangyari na, na
siya ay lumingon, at masdan,
nakita niya sa gitna ng ulap ng
kadiliman ang mga mukha nina
Nephi at Lehi; at masdan, labis
silang [a]kumikinang, maging tu-
lad ng mga mukha ng anghel.
At namasdan niyang nakatingin
ang kanilang mga mata sa la-
ngit; at sila ay nasa ayos na sa
wari'y nakikipag-usap o itina-
taas ang kanilang mga tinig sa
kung sinong nilikha na nama-
masdan nila.
37 At ito ay nangyari na, na
ang lalaking ito ay nagsabi sa
maraming tao, na sila ay lumi-
ngon at tumingin. At masdan,
may lakas na ibinigay sa kanila
kung kaya't sila ay nakalingon
at nakatingin; at namasdan nila
ang mga mukha nina Nephi at
Lehi.
38 At sinabi nila sa lalaki:
Masdan, ano ang ibig sabihin
ng mga bagay na ito, at kanino
nakikipag-usap ang mga lala-
king ito?
39 Ngayon, ang pangalan ng
lalaki ay Aminadab. At sinabi
ni Aminadab sa kanila: Sila ay
nakikipag-usap sa mga anghel
ng Diyos.
40 At ito ay nangyari na, na si-
nabi ng mga Lamanita sa kan-
ya: [a]Ano ang gagawin natin,
upang ang ulap ng kadilimang
ito ay maalis mula sa pagkaka-
lilim sa atin?

30*a* 1 Hari 19:12; D at T 85:6.
36*a* Ex. 34:29–35; Gawa 6:15.
40*a* Gawa 2:37–39.

41 At sinabi ni Aminadab sa
kanila: [a]Kayo ay kinakailangang
magsisi, at magsumamo sa tinig,
maging hanggang sa kayo ay
magkaroon ng [b]pananampalata-
ya kay Cristo, na itinuro sa inyo
ni Alma, at ni Amulek, at ni
Zisrom; at kapag ginawa ninyo
ang mga bagay na ito, ang ulap
ng kadiliman ay maaalis mula
sa pagkakalilim sa inyo.
42 At ito ay nangyari na, na sila
ay nagsimulang lahat na mag-
sumamo sa tinig niya na siyang
yumanig sa lupa; oo, sila ay
nagsumamo maging hanggang
sa ang ulap ng kadiliman ay
mapalis.
43 At ito ay nangyari na, nang
igala nila ang kanilang mga pa-
ningin sa paligid, at nakitang
ang ulap ng kadiliman ay na-
palis na mula sa pagkakalilim
sa kanila, masdan, nakita nila
na [a]napaliligiran sila, oo, ba-
wat tao, ng haliging apoy.
44 At sina Nephi at Lehi ay
nasa gitna nila; oo, sila ay napa-
ligiran; oo, sa wari sila ay nasa
gitna ng nagniningas na apoy,
gayon man sila ay hindi nasak-
tan nito, ni ang tupukin nito ang
pader ng bilangguan; at sila ay
napuspos ng yaong hindi mai-
paliwanag na [a]kagalakan at
puspos ng kaluwalhatian.
45 At masdan, ang [a]Banal na
Espiritu ng Diyos ay nanaog
mula sa langit, at pumasok sa
kanilang mga puso, at sila ay
napuspos na sa wari'y apoy, at
sila ay [b]nakapangusap ng mga
kagila-gilalas na salita.
46 At ito ay nangyari na, na
may tinig na nangusap sa kani-
la, oo, isang kaaya-ayang tinig,
sa wari'y isang bulong, sinasa-
bing:
47 [a]Kapayapaan, kapayapaa'y
sumainyo, dahil sa inyong pa-
nanampalataya sa aking Pina-
kamamahal, siya na mula pa sa
pagkakatatag ng daigdig.
48 At ngayon, nang marinig
nila ito ay itinaas nila ang kani-
lang mga paningin na sa wari'y
upang mamasdan kung saan
nagmumula ang tinig; at mas-
dan, nakita nilang bumukas ang
[a]kalangitan; at ang mga anghel
ay nanaog sa langit at nagling-
kod sa kanila.
49 At may humigit-kumulang
sa tatlong daang katao ang na-
kakita at nakarinig sa mga ba-
gay na ito; at sila ay pinagsabi-
hang humayo at huwag mang-
gilalas, ni ang mag-alinlangan
sila.
50 At ito ay nangyari na, na sila
ay humayo, at nangaral sa mga
tao, inihahayag sa lahat ng dako
sa paligid ang lahat ng bagay na
narinig at nakita nila, hanggang
sa ang higit na nakararaming
bahagi ng mga Lamanita ay na-
paniwala nila, dahil sa dami ng
katibayang natanggap nila.
51 At kasindami ng [a]napani-
wala ay nagbaba ng kanilang

41*a* GBK Magsisi, Pagsisisi.
*b* GBK Pananampalataya.
43*a* 3 Ne. 17:24; 19:14.
44*a* GBK Kagalakan.
45*a* 3 Ne. 9:20; Eter 12:14.
*b* GBK Kaloob ng Espiritu, Mga.
47*a* GBK Kapayapaan.
48*a* 1 Ne. 1:8.
51*a* Alma 31:5.

mga sandata ng digmaan, at
gayon din ng kanilang kapoo-
tan at mga kaugalian ng kani-
lang mga ama.
52 At ito ay nangyari na, na isi-
nuko nila sa mga Nephita ang
mga lupaing kanilang pag-aari.

## KABANATA 6

*Ang mabubuting Lamanita ay nangaral sa masasamang Nephita—Kapwa sila umunlad sa panahon ng kapayapaan at kasaganaan—Si Lucifer, ang siyang nagpasimula ng kasalanan, ay pinukaw ang mga puso ng masasama at ang mga tulisan ni Gadianton sa pagpaslang at kasamaan—Inagaw ng mga tulisan ang pamahalaang Nephita. Mga 29–23 B.C.*

AT ito ay nangyari na, nang
ang ikaanimnapu at dalawang
taon ng panunungkulan ng mga
hukom ay nagtapos, naganap
ang lahat ng bagay na ito at ang
mga Lamanita ay naging, yaong
mga nakararaming bahagi sa
kanila, mabubuting tao, hang-
gang sa mahigitan nila ang [a]ka-
butihan ng mga yaong Nephita,
dahil sa kanilang tibay at kata-
tagan sa pananampalataya.
2 Sapagkat masdan, marami
sa mga Nephita ang naging
[a]matitigas at hindi nagsisisi at
napakasasama, hanggang sa
tanggihan nila ang salita ng
Diyos at lahat ng pangangaral
at pagpopropesiyang duma-
ting sa kanila.
3 Gayon pa man, ang mga tao
ng simbahan ay nagkaroon ng
labis na kagalakan dahil sa pag-
babalik-loob ng mga Lamanita,
oo, dahil sa simbahan ng Diyos
na itinatag sa kanila. At sila ay
[a]nakipagkapatiran sa isa't isa,
at nagsaya sa isa't isa, at nagka-
roon ng labis na kagalakan.
4 At ito ay nangyari na, na ma-
rami sa mga Lamanita ang nag-
tungo sa lupain ng Zarahemla,
at ipinahayag sa mga tao ng
mga Nephita ang pamamaraan
ng kanilang [a]pagbabalik-loob,
at pinayuhan sila na manam-
palataya at magsisi.
5 Oo, at marami ang nangaral
nang may dakilang kapangya-
rihan at karapatan, tungo sa
pagdadala ng marami sa kanila
sa kailaliman ng pagpapakum-
baba, upang maging mga ma-
pagpakumbabang tagasunod
ng Diyos at ng Kordero.
6 At ito ay nangyari na, na ma-
rami sa mga Lamanita ang nag-
tungo sa lupaing pahilaga; at
sina Nephi at Lehi rin ay nag-
tungo sa [a]lupaing pahilaga,
upang mangaral sa mga tao. At
sa gayon nagtapos ang ika-
animnapu at tatlong taon.
7 At masdan, nagkaroon ng
kapayapaan sa buong lupain,
kung kaya nga't ang mga Ne-
phita ay nakatutungo kung
saan mang dako ng lupain ang
naisin nila, sa mga Nephita
man o sa mga Lamanita.
8 At ito ay nangyari na, na ang
mga Lamanita ay nakatutungo

**6** 1*a* Hel. 13:1.
2*a* Rom. 1:28–32.
3*a* GBK Pakikipagkapatiran.
4*a* GBK Pagbabalik-loob, Nagbalik-loob.
6*a* Alma 63:4–9; Hel. 3:11–12.

rin kung saan man ang naisin nila, sa mga Lamanita man o sa mga Nephita; at sa gayon sila nagkaroon ng malayang pakikipag-ugnayan sa isa't isa, bumibili at naglalako, at upang kumita, alinsunod sa naisin nila.

9 At ito ay nangyari na, na naging napakayaman nila, kapwa ang mga Lamanita at ang mga Nephita; at sila ay nagkaroon ng napakaraming ginto, at ng pilak, at lahat ng uri ng mahahalagang metal, kapwa sa timog lupain at sa hilagang lupain.

10 Ngayon, ang timog lupain ay tinawag na Lehi, at ang hilagang lupain ay tinawag na [a]Mulek, na inalinsunod sa anak na lalaki ni Zedekias; sapagkat dinala ng Panginoon si Mulek sa hilagang lupain, at si Lehi sa timog lupain.

11 At masdan, may lahat ng uri ng ginto sa kapwa mga lupaing ito, at ng pilak, at ng mahahalagang inang mina ng bawat uri; at mayroon ding mahuhusay na manggagawa, na gumagawa ng lahat ng uri ng inang mina at naglalantay nito; at sa gayon sila naging mayayaman.

12 Sila ay nagtanim ng maraming butil, kapwa sa hilaga at sa timog; at sila ay umunlad nang labis, kapwa sa hilaga at sa timog. At sila ay dumami, at naging makapangyarihan sa lupain. At sila ay nag-alaga ng maraming kawan ng tupa at baka, oo, ng maraming patabain.

13 Masdan, ang kanilang kababaihan ay gumawa at nagikid, at gumawa ng lahat ng uri ng kayo, ng maiinam na hinabing lino at kayo ng bawat uri, upang bihisan ang kanilang kahubaran. At sa gayon lumipas ang ikaanimnapu at apat na taon sa kapayapaan.

14 At sa ikaanimnapu at limang taon sila ay nagkaroon ng labis na kagalakan at kapayapaan, oo, ng labis na pangangaral at maraming propesiya hinggil sa yaong darating. At sa gayon lumipas ang ikaanimnapu at limang taon.

15 At ito ay nangyari na, na sa ikaanimnapu at anim na taon ng panunungkulan ng mga hukom, masdan, si [a]Cezoram ay pinaslang ng isang hindi kilalang kamay habang siya ay nakaupo sa hukumang-luklukan. At ito ay nangyari na, na sa taon ding yaon, na ang kanyang anak, na hinirang ng mga tao na kahalili niya, ay pinaslang din. At sa gayon nagtapos ang ikaanimnapu at anim na taon.

16 At sa pagsisimula ng ikaanimnapu at pitong taon, ang mga tao ay nagsimulang muling maging napakasasama.

17 Sapagkat masdan, pinagpala sila ng Panginoon ng mga kayamanan ng daigdig sa mahabang panahon kung kaya't hindi sila napukaw sa pagkagalit, sa mga digmaan, ni sa pagdadanak man ng dugo; kaya nga, nagsimulang ilagak nila ang kanilang mga puso sa mga kayamanan; oo, sila ay nagsimulang maghangad na

10a Mos. 25:2–4; Hel. 8:21.
15a Hel. 5:1.

makinabang upang maiangat
nila ang kanilang sarili sa iba;
anupa't sila ay nagsimulang
gumawa ng mga [a]lihim na pag-
paslang, at manloob at man-
dambong, upang sila ay maki-
nabang.
18 At ngayon masdan, yaong
mga pumapaslang at nanda-
rambong ay isang pangkat na
binuo nina Kiskumen at [a]Gadi-
anton. At ngayon ito ay nang-
yari na, na sila ay marami, ma-
ging sa mga Nephita, na kabi-
lang sa pangkat ni Gadianton.
Subalit masdan, higit silang
nakararami sa higit na masasa-
mang bahagi ng mga Lama-
nita. At sila ay tinawag na mga
tulisan ni Gadianton at mga
mamamatay-tao.
19 At sila ang mga yaong pu-
maslang sa punong hukom na
si Cezoram, at sa kanyang
anak, habang nasa hukumang-
luklukan; at masdan, hindi sila
natagpuan.
20 At ngayon ito ay nangyari
na, nang matuklasan ng mga
Lamanita na may mga tulisan
sa kanila na sila ay labis na na-
lungkot; at ginawa nila ang la-
hat ng paraan na nasa kanilang
kapangyarihan upang lipulin
sila sa balat ng lupa.
21 Subalit masdan, pinukaw
ni Satanas ang mga puso ng na-
kahihigit na bahagi ng mga Ne-
phita, hanggang sa nakiisa sila
sa mga yaong pangkat ng mga
tulisan, at mga nakipagtipan sa
kanila at nanumpa sa kanila,
na ipagsasanggalang at panga-
ngalagaan nila ang isa't isa sa
anumang mahihirap na kalaga-
yan sila malagay, upang hindi
sila magdusa dahil sa kanilang
pagpaslang, at kanilang mga
pandarambong, at kanilang
mga pagnanakaw.
22 At ito ay nangyari na, na
mayroon silang mga senyas,
oo, kanilang mga [a]lihim na sen-
yas, at kanilang mga lihim na
salita; at ito ay upang makilala
nila ang isang kapanalig na na-
kipagtipan, nang sa anumang
kasamaang gagawin ng kan-
yang kapanalig ay hindi siya
masaktan ng kanyang kapana-
lig, ni ng mga yaong kabilang
sa kanyang pangkat, na tu-
manggap sa tipang ito.
23 At sa gayon sila makapapas-
lang, at makapandarambong,
at makapagnanakaw, at maka-
gagawa ng mga pagpapatutot,
at lahat ng uri ng kasamaan, na
salungat sa mga batas ng kani-
lang bayan at gayon din sa mga
batas ng kanilang Diyos.
24 At sinuman sa mga yaong
nabibilang sa kanilang pangkat
ang magbubunyag sa sanlibutan
ng kanilang [a]kasamaan at kani-
lang mga karumal-dumal na
gawain, ay nararapat na litisin,
hindi alinsunod sa mga batas
ng kanilang bayan, kundi alin-
sunod sa mga batas ng kani-
lang kasamaan, na ibinigay
nina Gadianton at Kiskumen.
25 Ngayon masdan, ito ang
mga lihim na [a]sumpa at tipang

17*a* 3 Ne. 9:9.
18*a* Hel. 2:4, 12–13.
22*a* GBK Lihim na Pagsasabwatan, Mga.
24*a* GBK Masama, Kasamaan.
25*a* Alma 37:27–32.

iniutos ni Alma sa kanyang anak na hindi nararapat kumalat sa sanlibutan, na baka ang mga ito ang maging daan ng pagdadala sa mga tao tungo sa pagkalipol.
26 Ngayon masdan, ang mga yaong [a]lihim na sumpa at tipan ay hindi nalaman ni Gadianton mula sa mga talaang ibinigay kay Helaman; subalit masdan, inilagay ang mga ito sa puso ni Gadianton ng yaon [b]ding nilikha na siyang tumukso sa ating mga unang magulang na kumain ng ipinagbabawal na bungang-kahoy—
27 Oo, ng yaon ding nilikha na nakipagsabwatan kay [a]Cain, na kung papaslangin niya ang kanyang kapatid na si Abel ay hindi ito malalaman ng sanlibutan. At siya ay nakipagsabwatan kay Cain at sa kanyang mga tagasunod mula noon.
28 At ito ang yaon ding nilikha na siyang naglagay sa puso ng mga tao na [a]magtayo ng isang tore na may sapat na taas upang sila ay makarating sa langit. At ito ang yaon ding nilikha na siyang luminlang sa mga tao na nagmula sa toreng yaon sa lupaing ito; na nagpalaganap ng mga gawa ng kadiliman at mga karumal-dumal na gawain sa lahat ng dako ng lupain, hanggang sa mahila niyang pababa ang mga tao sa [b]lubos na pagkalipol, at sa walang hanggang impiyerno.
29 Oo, ito ang yaon ding nilikha na siyang naglagay sa puso ni [a]Gadianton na ipagpatuloy ang gawa ng kadiliman at ng lihim na pagpaslang; at pinasimulan niya ito mula pa sa simula ng tao maging hanggang sa panahong ito.
30 At masdan, siya ang [a]nagpasimula ng lahat ng kasalanan. At masdan, ipinagpapatuloy niya ang kanyang mga gawa ng kadiliman at lihim na pagpaslang, at nagpasalin-salin ang kanilang mga pakana, at kanilang mga sumpa, at kanilang mga tipan, at kanilang mga balak ng kakila-kilabot na kasamaan, sa bawat sali't salinlahi alinsunod sa kanyang kakayahang mahawakan ang mga puso ng mga anak ng tao.
31 At ngayon masdan, siya ay may malakas na pagkakahawak sa mga puso ng mga Nephita; oo, hanggang sa sila ay naging lubhang masama; oo, ang malaking bahagi nila ay lumiko sa landas ng kabutihan, at [a]niyurakan sa ilalim ng kanilang mga paa ang mga kautusan ng Diyos, at nagsihayo sa kani-kanilang landas, at lumikha para sa kanilang sarili ng mga diyus-diyusan mula sa kanilang mga ginto at kanilang mga pilak.
32 At ito ay nangyari na, na ang lahat ng kasamaang ito ay sumapit sa kanila sa loob ng [a]hindi maraming taon, hang-

26*a* Moi. 5:29, 49–52.
*b* 3 Ne. 6:28; Moi. 4:6–12.
27*a* Moi. 5:18–33.
28*a* Gen. 11:1–4; Eter 1:3.
*b* Eter 8:9, 15–25.
29*a* Hel. 2:4–13.
30*a* Alma 5:39–42; Moro. 7:12, 17; Moi. 4:4.
31*a* 1 Ne. 19:7.
32*a* Alma 46:8.

gang sa ang nakararaming bahagi nito ay sumapit sa kanila sa ikaanimnapu at pitong taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi.
33 At sila ay lumubha sa kanilang kasamaan sa ikaanimnapu at walong taon din, sa labis na kalungkutan at pananaghoy ng mabubuti.
34 At sa gayon nakikita natin na nagsimulang manghina sa kawalang-paniniwala ang mga Nephita, at lumubha sa kasamaan at mga karumal-dumal na gawain, samantalang ang mga Lamanita ay nagsimulang umunlad nang labis sa kaalaman ng kanilang Diyos; oo, nagsimula nilang sundin ang kanyang mga batas at kautusan, at lumakad sa katotohanan at katwiran sa kanyang harapan.
35 At sa gayon nakikita natin na ang Espiritu ng Panginoon ay nagsimulang [a]lumayo mula sa mga Nephita, dahil sa kasamaan at katigasan ng kanilang mga puso.
36 At sa gayon nakikita natin na nagsimulang ibuhos ng Panginoon ang kanyang Espiritu sa mga Lamanita, dahil sa kanilang kakayahan at pagnanais na maniwala sa kanyang mga salita.
37 At ito ay nangyari na, na tinugis ng mga Lamanita ang mga tulisan ni Gadianton; at ipinangaral nila ang salita ng Diyos sa higit na masasamang bahagi nila, hanggang sa ang mga pangkat ng tulisan ay lubos na nalipol sa mga Lamanita.
38 At ito ay nangyari na, sa kabilang dako, sila ay tinangkilik ng mga Nephita at itinaguyod sila, simula sa higit na masasamang bahagi nila, hanggang sa sila ay kumalat sa buong lupain ng mga Nephita, at naakit ang nakararaming bahagi ng mabubuti hanggang sa mapaniwala sila sa kanilang mga gawa at nakibahagi sa kanilang samsam, at umanib sa kanila sa mga lihim nilang pagpaslang at pagsasabwatan.
39 At sa gayon nila natamo ang natatanging pamamahala sa pamahalaan, kung kaya nga't niyurakan nila sa ilalim ng kanilang mga paa at saktan at pagmalabisan at talikuran ang mga [a]maralita at ang mga maaamo, at ang mga mapagpakumbabang tagasunod ng Diyos.
40 At sa gayon nakikita natin na sila ay nasa kakila-kilabot na kalagayan, at [a]nahihinog na para sa walang hanggang pagkawasak.
41 At ito ay nangyari na, na sa gayon nagtapos ang ikaanimnapu at walong taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi.

---

ANG PROPESIYA NI NEPHI, NA ANAK NI HELAMAN—Ang Diyos ay nagbabala sa mga tao ni Nephi na kanyang parurusahan sila sa kanyang galit, hanggang

35*a* Mos. 2:36; D at T 121:37.
39*a* Awit 109:16; Alma 5:54–56; D at T 56:16.
40*a* Hel. 5:2; 11:37; D at T 18:6.

sa ganap nilang pagkalipol maliban kung magsisisi sila sa kanilang kasamaan. Binagabag ng Diyos ang mga tao ni Nephi sa pamamagitan ng salot; sila ay nagsisi at nagbalik-loob sa kanya. Nagpropesiya si Samuel, isang Lamanita, sa mga Nephita.

*Binubuo ng mga kabanata 7 hanggang 16 na pinagsama-sama.*

## KABANATA 7

*Si Nephi ay itinakwil sa hilaga at nagbalik sa Zarahemla—Siya ay nanalangin sa kanyang halamanang tore at pagkatapos ay nanawagan sa mga tao na magsisi o masawi. Mga 23–21 B.C.*

MASDAN, ngayon ito ay nang-
yari na, na sa ikaanimnapu at
siyam na taon ng panunungku-
lan ng mga hukom sa mga tao
ng mga Nephita, na si Nephi, na
anak na lalaki ni Helaman, ay
[a]nagbalik sa lupain ng Zarahem-
la mula sa lupaing pahilaga.
2 Sapagkat siya ay nakahayo
na sa mga tao na nasa lupaing
pahilaga, at ipinangaral ang sa-
lita ng Diyos sa kanila, at nag-
propesiya ng maraming bagay
sa kanila;
3 At tinanggihan nila ang la-
hat ng kanyang salita, kung
kaya nga't hindi siya maaaring
manatili sa kanila, kundi nag-
balik muli sa lupang kanyang
sinilangan.
4 At nakikita na ang mga tao
ay nasa kalagayan ng kakila-ki-
labot na kasamaan, at ang mga
yaong tulisan ni Gadianton na
nanunungkulan sa hukumang-
luklukan—matapos makam-
kam ang kapangyarihan at ka-
rapatan sa lupain; isinasaisan-
tabi ang mga kautusan ng Diyos,
at ni hindi matwid sa harapan
niya; hindi pinaiiral ang kata-
rungan sa mga anak ng tao;
5 Pinarurusahan ang mabu-
buti dahil sa kanilang kabuti-
han; hinahayaang mapawalan
ang may kasalanan at ang ma-
sasama nang hindi naparuru-
sahan dahil sa kanilang salapi;
at higit pa roon, ang manung-
kulan sa tanggapan ng puno ng
pamahalaan, upang mamahala
at gawin ang naaayon sa kani-
lang kagustuhan, upang sila ay
makinabang at matamo ang pa-
puri ng [a]sanlibutan, at higit pa
roon, upang higit na madali ni-
lang magawa ang pakikiapid,
at magnakaw, at pumatay, at
gawin ang naaayon sa sarili ni-
lang kagustuhan—
6 Ngayon, ang malaking kasa-
maang ito ay sumapit sa mga
Nephita, sa loob ng iilang taon
lamang; at nang makita ito ni
Nephi, napuspos ng kalungku-
tan ang kanyang puso sa kan-
yang dibdib; at siya ay napabu-
lalas sa labis na paghihirap ng
kanyang kaluluwa:
7 O, na ang akin sanang mga
araw ay nasa mga araw ng
unang lisanin ng aking amang
si Nephi ang lupain ng Jerusa-
lem, sana'y nagalak akong ka-
sama siya sa lupang pangako;

**7** 1*a* Hel. 6:6.
5*a* Mat. 13:22; 16:26.

noon ang kanyang mga tao ay
madaling kausapin, matatag sa
pagsunod sa mga kautusan ng
Diyos, at mabagal akaying gu-
mawa ng kasamaan; at sila ay
mabilis na nakikinig sa mga sa-
lita ng Panginoon—
8 Oo, kung ang mga araw ko
sana ay nasa mga araw na yaon,
sa gayon ang kaluluwa ko ay
nagkaroon sana ng kagalakan
sa kabutihan ng aking mga ka-
patid.
9 Subalit masdan, ako ay iti-
nadhanang ito ang aking ma-
ging mga araw, at napupuspos
ang kaluluwa ko ng kalungku-
tan dahil dito sa kasamaan ng
aking mga kapatid.
10 At masdan, ngayon ito ay
nangyari na, na sa tuktok ito ng
tore, na nasa halamanan ni Ne-
phi, na malapit sa lansangang-
bayan patungo sa punong pami-
lihan, na nasa lunsod ng Zara-
hemla; samakatwid, iniyukod ni
Nephi ang sarili sa tore na nasa
kanyang halamanan, kung aling
tore ay malapit din sa may pin-
tuan ng halamanan patungo sa
lansangang-bayan.
11 At ito ay nangyari na, na
may ilang kalalakihang duma-
raan at nakita si Nephi habang
ibinubuhos niya ang kanyang
kaluluwa sa Diyos sa may tore,
at sila ay tumakbo at sinabi sa
mga tao ang kanilang nakita, at
ang mga tao ay sama-samang
nagtungo nang maramihan
upang malaman nila ang dahi-
lan ng labis na pagdadalamhati
dahil sa kasamaan ng mga tao.
12 At ngayon, nang tumindig
si Nephi ay namasdan niya ang
maraming tao na sama-samang
nagtipon.
13 At ito ay nangyari na, na
ibinuka niya ang kanyang bi-
big at sinabi sa kanila: Masdan,
[a]bakit ninyo sama-samang tini-
pon ang inyong sarili? Upang
sabihin ko sa inyo ang inyong
mga kasamaan?
14 Oo, dahil ako ay nagtungo
sa aking tore upang maibuhos
ko ang aking kaluluwa sa aking
Diyos, dahil sa labis na kalung-
kutan ng aking puso, na sanhi
ng inyong mga kasamaan!
15 At dahil sa aking pagdada-
lamhati at pananaghoy ay mag-
kakasamang tinipon ninyo ang
sarili, at nanggigilalas; oo, at
may malaki kayong panganga-
ilangan na manggilalas; oo,
nararapat kayong manggilalas
sapagkat kayo ay nagparaya
upang ang diyablo ay magka-
roon ng malakas na pagkaka-
hawak sa inyong mga puso.
16 Oo, paanong kayo ay nag-
bigay-daan sa mga tukso niya
na naghahangad na maibulid
pababa ang inyong mga kalu-
luwa sa walang hanggang ka-
lungkutan at walang katapu-
sang kapighatian?
17 O magsisi kayo, magsisi
kayo! [a]Bakit kayo mamamatay?
Bumaling kayo, bumaling kayo
sa Panginoon ninyong Diyos.
Bakit niya kayo tinalikuran?
18 Ito ay dahil sa pinatigas
ninyo ang inyong mga puso; oo,
tumanggi kayong makinig sa

13*a* Mat. 3:5–8.
17*a* Ez. 18:23, 31–32.

tinig ng [a]mabuting pastol; oo,
kayo ang [b]nagbunsod na siya
ay magalit laban sa inyo.
19 At masdan, sa halip na kayo
ay [a]tipunin, maliban sa kayo ay
magsisisi, masdan, kanyang ika-
kalat kayo upang maging pag-
kain kayo para sa mga aso at
mababangis na hayop.
20 O, paanong nakalimutan
ninyo ang inyong Diyos sa
araw ding yaon na kanyang
iniligtas kayo?
21 Subalit masdan, ito ay
upang makinabang, upang pu-
rihin ng mga tao, oo, at upang
makakuha kayo ng ginto't pi-
lak. At inilagak ninyo ang in-
yong mga puso sa mga kaya-
manan at walang kabuluhang
bagay ng [a]daigdig na ito, dahil
doon kayo ay pumapaslang, at
nandarambong, at nagnana-
kaw, at nagbibigay ng [b]hindi
totoong patibay laban sa in-
yong kapwa, at gumagawa ng
lahat ng uri ng kasamaan.
22 At sa dahilang ito kapighati-
an ang sasapit sa inyo maliban
kung kayo ay magsisisi. Sapag-
kat kung hindi kayo magsisisi,
masdan, ang dakilang lunsod
na ito, at gayon din ang lahat
ng yaong dakilang lunsod na
nasa paligid, na nasa lupain
ng ating pag-aari, ay kukunin
upang hindi kayo magkaroon
ng lugar sa mga ito; sapagkat
masdan, hindi kayo pagkaka-
looban ng [a]lakas ng Panginoon;
tulad ng ginawa niya noon,
upang manaig kayo laban sa
inyong mga kaaway.
23 Sapagkat masdan, ganito
ang wika ng Panginoon: Hindi
ko ipakikita sa masasama ang
aking lakas, sa isa nang higit
kaysa sa iba, maliban sa mga
yaong nagsisisi sa kanilang mga
kasalanan, at nakikinig sa aking
mga salita. Ngayon samakat-
wid, nais kong masdan ninyo,
mga kapatid ko, [a]higit na ma-
buti para sa mga Lamanita kay-
sa sa inyo maliban kung kayo
ay magsisisi.
24 Sapagkat masdan, higit si-
lang mabubuti kaysa sa inyo,
sapagkat hindi sila nagkasala
laban sa yaong dakilang kaala-
man na natanggap ninyo; kaya
nga, ang Panginoon ay magi-
ging maawain sa kanila; oo,
[a]pahahabain niya ang kanilang
mga araw at pararamihin ang
kanilang binhi, maging hang-
gang sa panahong ganap ka-
yong [b]malipol maliban kung
kayo ay magsisisi.
25 Oo, sa aba ninyo dahil sa
maraming karumal-dumal na
gawaing nasa inyo; at ibinilang
ninyo ang inyong sarili sa mga
ito, oo, sa yaong [a]lihim na pang-
kat na itinatag ni Gadianton!
26 Oo, sasapit sa inyo ang
[a]kapighatian dahil sa yaong
kapalaluan na pinahintulutan

18*a* Ez. 34:12; Juan 10:14–16; Alma 5:38–41, 57–60. GBK Mabuting Pastol.
*b* Jac. 1:8; Alma 12:36–37.
19*a* 3 Ne. 10:4–7.
21*a* GBK Kamunduhan.
*b* Ex. 20:16; Mat. 15:19–20.
22*a* Mos. 7:29.
23*a* Hel. 15:11–15.
24*a* Alma 9:16; D at T 5:33.
*b* Alma 9:19.
25*a* Hel. 3:23.
26*a* Is. 5:8–25.

ninyong pumasok sa inyong mga puso, na nag-angat sa inyo lampas sa yaong mabuti dahil sa inyong napakaraming [b]kayamanan!
27 Oo, sa aba ninyo dahil sa inyong kasamaan at mga karumal-dumal na gawain!
28 At maliban kung magsisisi kayo ay masasawi kayo; oo, maging ang inyong mga lupain ay kukunin mula sa inyo, at kayo ay lilipulin sa balat ng lupa.
29 Masdan ngayon, hindi ko sinasabing magaganap ang mga bagay na ito, para sa aking sarili, sapagkat [a]nalalaman ko ang mga bagay na ito hindi para sa aking sarili lamang; kundi masdan, nalalaman ko na ang mga bagay na ito ay totoo dahil sa ipinaalam iyon sa akin ng Panginoong Diyos, kaya nga, ako ay nagpapatotoo na magaganap ang mga ito.

## KABANATA 8

*Naghangad na udyukan ng mga tiwaling hukom ang mga tao laban kay Nephi—Sina Abraham, Moises, Zenos, Zenok, Ezias, Isaias, Jeremias, Lehi, at Nephi ay nagpatotoong lahat kay Cristo—Sa pamamagitan ng inspirasyon ay ipinahayag ni Nephi ang pagpaslang sa punong hukom. Mga 23–21 B.C.*

AT ngayon ito ay nangyari na, nang sabihin ni Nephi ang mga salitang ito, masdan, may mga kalalakihan na mga hukom, na kabilang din sa lihim na pangkat ni Gadianton, at sila ay nagalit, at sila ay nagsalita nang laban sa kanya, sinasabi sa mga tao: Bakit hindi ninyo dakpin ang lalaking ito at dalhin siya, upang siya ay maparusahan alinsunod sa mabigat na kasalanang nagawa niya?
2 Bakit kayo nakatunghay sa taong ito, at pinakikinggan siyang laitin ang mga taong ito at ang ating mga batas?
3 Sapagkat masdan, si Nephi ay nangusap sa kanila hinggil sa katiwalian ng kanilang mga batas; oo, maraming bagay ang sinabi ni Nephi na hindi maaaring isulat; at walang anumang bagay siyang sinabi na salungat sa mga kautusan ng Diyos.
4 At ang mga hukom na yaon ay nagalit sa kanya dahil sa [a]pangungusap niya nang malinaw hinggil sa kanilang mga lihim na gawain ng kadiliman; gayon pa man, hindi nila tinangkang saktan siya ng kanilang mga kamay, sapagkat sila ay natatakot sa mga tao na baka sila makapagsalita nang laban sa kanila.
5 Kaya nga, sila ay sumigaw sa mga tao, sinasabing: Bakit ninyo pinahihintulutan ang taong ito na laitin tayo? Sapagkat masdan, hinatulan niya ang lahat ng taong ito, maging hanggang sa pagkalipol; oo, at gayon din ang mga dakilang lunsod na ito ay kukunin mula sa atin, na hindi tayo magkakaroon ng lugar sa mga yaon.

26*b* Jac. 2:13.
29*a* Alma 5:45–46.
**8** 4*a* 1 Ne. 16:2–3.

6 At ngayon alam natin na hindi maaaring mangyari ito, sapagkat masdan, tayo ay makapangyarihan, at ang ating mga lunsod ay dakila, kaya nga hindi tayo maaaring madaig ng ating mga kaaway.

7 At ito ay nangyari na, na sa gayon nila pinukaw ang mga tao na magalit laban kay Nephi, at pumukaw ng alitan sa kanila; sapagkat may ilang nagsipagsigawan: Hayaan ang lalaking ito, sapagkat siya ay isang mabuting tao, at ang mga yaong bagay na kanyang sinabi ay tiyak na mangyayari maliban kung tayo ay magsisisi;

8 Oo, masdan, lahat ng kahatulang pinatotohanan niya sa atin ay sasapitin natin; sapagkat nalalaman natin na siya ay nagpatotoo nang tama sa atin hinggil sa ating mga kasamaan. At masdan, ang mga ito ay marami, at [a]nalalaman niya ang lahat ng bagay na mangyayari sa atin tulad ng pagkakaalam niya ng ating mga kasamaan;

9 Oo, at masdan, kung hindi siya isang propeta, hindi sana siya nakapagpatotoo hinggil sa mga bagay na yaon.

10 At ito ay nangyari na, na ang mga yaong taong naghahangad na patayin si Nephi ay napipilan dahil sa kanilang takot, kung kaya't hindi nila nasaktan siya ng kanilang mga kamay; anupa't siya ay nagsimulang mangusap muli sa kanila, nakikitang nakuha niya ang pagsang-ayon sa paningin ng ilan, hanggang sa ang yaong mga nalalabi sa kanila ay natakot.

11 Kaya nga, siya ay napilit na mangusap pa sa kanila sinasabing: Masdan, mga kapatid ko, hindi ba ninyo nabasa na ang Diyos ay nagbigay ng kapangyarihan sa isang tao, maging kay Moises, na hampasin ang mga tubig ng Dagat na [a]Pula, at nahati ito rito at doon, hanggang sa ang mga Israelita, na ating mga ama, ay dumaan sa tuyong lupa, at ang mga tubig ay nagsara sa mga hukbo ng mga taga-Egipto at nilulon sila?

12 At ngayon masdan, kung ang Diyos ay nagbigay ng gayong kapangyarihan sa taong ito, kung gayon bakit kinakailangan kayong magtalu-talo sa inyong sarili, at sabihing hindi niya ako binigyan ng kapangyarihan na malaman ko ang hinggil sa mga kahatulang sasapit sa inyo maliban kung kayo ay magsisisi?

13 Subalit, masdan, hindi lamang ninyo itinatwa ang aking mga salita, kundi itinatwa rin ninyo ang lahat ng salitang sinabi sa inyo ng ating mga ama, at gayon din ang mga salitang sinabi ng taong ito, si Moises, na may gayong kalaking kapangyarihan na ibinigay sa kanya, oo, ang mga salitang sinabi niya hinggil sa pagparito ng Mesiyas.

14 Oo, hindi ba't siya ay nagpatotoo na paparito ang Anak

8*a* Hel. 7:29.
11*a* Ex. 14:16; 1 Ne. 17:26; Mos. 7:19; D at T 8:2–3; Moi. 1:25.

ng Diyos? At tulad ng [a]pagtaas
niya ng tansong ahas sa ilang,
maging gayon din ay itataas
siya na paparito.
15 At kung gaano karami ang
tumingin sa ahas na yaon ay
[a]nabuhay, gayon din kasindami
ng titingin sa Anak ng Diyos
na may pananampalataya, nang
may nagsisising espiritu, ay
[b]mabubuhay, maging sa yaong
buhay na walang hanggan.
16 At ngayon masdan, hindi
lamang si Moises ang nagpa-
totoo sa mga bagay na ito, kun-
di ang [a]lahat din ng banal na
propeta, mula noong kanyang
mga araw maging hanggang sa
mga araw ni Abraham.
17 Oo, at masdan, nakita ni
[a]Abraham ang kanyang pagpa-
rito, at napuspos ng kagalakan
at nagsaya.
18 Oo, at masdan sinasabi ko
sa inyo, na hindi lamang si
Abraham ang nakaalam ng mga
bagay na ito, kundi [a]marami pa
bago ang mga araw ni Abra-
ham na mga natawag sa [b]orden
ng Diyos; oo, maging alinsu-
nod sa orden ng kanyang
Anak; at ito ay upang maipaki-
ta sa mga tao, libu-libong taon
bago ang kanyang pagparito,
na maging ang pagtubos ay
mapapasakanila.
19 At ngayon nais kong mala-
man ninyo, na maging sa simu-
la pa lamang noong mga araw
ni Abraham ay marami nang
propeta ang nagpatotoo sa
mga bagay na ito; oo, masdan,
si Propetang [a]Zenos ay nagpa-
totoo nang buong tapang; sa
dahilang yaon siya ay pinatay.
20 At masdan, gayon din si
[a]Zenok, at gayon din si Ezias,
at gayon din si [b]Isaias, at [c]Je-
remias, (si Jeremias na siya ring
propetang nagpatotoo tungkol
sa pagkawasak ng [d]Jerusalem)
at ngayon nalalaman natin na
ang Jerusalem ay nawasak na
alinsunod sa mga salita ni Je-
remias. O kung gayon ay bakit
hindi paparito ang Anak ng
Diyos, alinsunod sa kanyang
propesiya?
21 At ngayon makikipagtalo
ba kayo na ang [a]Jerusalem ay
nawasak na? Sasabihin ba nin-
yong hindi napatay ang mga
[b]anak na lalaki ni Zedekias, la-
hat maliban kay [c]Mulek? Oo, at
hindi ba ninyo namamalas na
ang mga binhi ni Zedekias ay
kasama natin, at sila ay itina-
boy palabas ng lupain ng Jeru-
salem? Subalit masdan, hindi
lamang ito—
22 Ang ating amang si Lehi ay
itinaboy palabas ng Jerusalem

14*a* Blg. 21:6–9; 2 Ne. 25:20; Alma 33:19–22. GBK Jesucristo—Mga kahalintulad o mga sagisag ni Cristo.
15*a* 1 Ne. 17:41; Alma 37:45–47; 3 Ne. 15:9.
*b* Juan 11:25.
16*a* Jac. 4:4–5; 7:11.
17*a* Gen. 22:8–14; Juan 8:56.
18*a* Alma 13:19; D at T 84:6–16; 136:37.
*b* GBK Pagkasaserdoteng Melquisedec.
19*a* Alma 34:7.
20*a* 1 Ne. 19:10; 3 Ne. 10:15–16. GBK Banal na Kasulatan, Mga—Nawawalang mga banal na kasulatan.
*b* Is. 53.
*c* 1 Ne. 5:13; 7:14.
*d* Jer. 26:18; 1 Ne. 1:4.
21*a* 2 Ne. 6:8; Omni 1:15.
*b* 2 Hari 25:7; Jer. 39:6; 52:10.
*c* Ez. 17:22–23; Hel. 6:10.

dahil siya ay nagpatotoo sa mga
bagay na ito. Si Nephi ay nag-
patotoo rin sa mga bagay na
ito, at halos lahat din ng ating
mga ama, maging hanggang
sa panahong ito; oo, sila ay
nagpatotoo tungkol sa [a]pagpa-
rito ni Cristo, at umaasa, at
nagsasaya sa kanyang araw na
darating.
23 At masdan, siya ay Diyos,
at siya ay kasama nila, at ipina-
kita niya ang kanyang sarili sa
kanila, na sila ay tinubos niya;
at kanilang pinapurihan siya,
dahil sa yaong darating.
24 At ngayon, nakikitang na-
lalaman ninyo ang mga bagay
na ito at hindi ninyo maaaring
itatwa ang mga ito maliban
kung kayo ay magsisinunga-
ling, kaya nga dahil dito kayo
ay nagkasala, sapagkat tinang-
gihan ninyo ang lahat ng ba-
gay na ito, sa kabila ng mara-
ming katibayang natanggap
ninyo; oo, maging ang [a]lahat
ng bagay ay natanggap ninyo,
kapwa mga bagay sa langit, at
lahat ng bagay na nasa lupa,
bilang patunay na ang mga ito
ay totoo.
25 Subalit masdan, tinanggi-
han ninyo ang katotohanan, at
[a]naghimagsik laban sa inyong
banal na Diyos; at maging sa pa-
nahong ito, sa halip na magti-
pon para sa inyong sarili ng [b]ka-
yamanan sa langit, kung saan
walang anumang bagay ang na-
bubulok, at kung saan walang
anumang bagay na marumi ang
nakaparoroon, binubuntunan
ninyo ang sarili ng poot laban
sa araw ng [c]paghuhukom.
26 Oo, maging sa panahong
ito kayo ay nahihinog na, dahil
sa inyong mga pagpaslang, at
inyong [a]pangangalunya at ka-
samaan, para sa walang hang-
gang pagkawasak; oo, at mali-
ban kung kayo ay magsisisi ka-
agad itong sasapit sa inyo.
27 Oo, masdan maging sa
ngayon ay nasa mga pintuan
na ninyo; oo, magtungo kayo
sa hukumang-luklukan, at mag-
siyasat; at masdan, ang inyong
hukom ay pinaslang, at siya ay
[a]nakahiga sa kanyang dugo; at
siya ay pinaslang [b]ng kanyang
kapatid na lalaki, na nagha-
hangad umupo sa hukumang-
luklukan.
28 At masdan, sila ay kapwa
kabilang sa inyong lihim na
pangkat, na si Gadianton ang
[a]nagpasimula at ang yaong ma-
sama na naghahangad na wa-
sakin ang mga kaluluwa ng tao.

## KABANATA 9

*Natagpuang patay ng mga taga-pagbalita ang punong hukom sa hukumang-luklukan—Sila ay ikinulong at di naglaon ay pinawalan—Sa pamamagitan ng inspirasyon ay kinilala ni Nephi si Seantum na si-*

22*a* GBK Jesucristo—Mga propesiya hinggil sa pagsilang at kamatayan ni Jesucristo.
24*a* Alma 30:44; Moi. 6:63.
25*a* Mos. 2:36–38; 3:12.
*b* Hel. 5:8; 3 Ne. 13:19–21.
*c* D at T 10:20–23; 121:23–25.
26*a* GBK Pangangalunya.
27*a* Hel. 9:3, 15.
*b* Hel. 9:6, 26–38.
28*a* Hel. 6:26–30.

*yang mamamatay-tao—Si Nephi ay tinanggap ng ilan bilang isang propeta. Mga 23–21 B.C.*

MASDAN, ngayon ito ay nangyari na, nang sabihin ni Nephi ang mga salitang ito, may ilang kalalakihang kabilang sa kanila ang tumakbo patungo sa hukumang-luklukan; oo, maging lima silang humayo, at sinabi nila sa kanilang sarili, habang humahayo sila:

2 Masdan, ngayon malalaman natin nang may katiyakan kung ang lalaking ito ay isang propeta at inutusan siya ng Diyos na magpropesiya nang gayong mga kagila-gilalas na bagay sa atin. Masdan, hindi tayo naniniwalang siya ay inutusan; oo, hindi tayo naniniwalang isa siyang propeta; gayon pa man, kung ang bagay na ito na sinabi niya hinggil sa punong hukom ay totoo, na siya ay patay na, kung magkagayon tayo ay maniniwala na ang iba pang mga salitang sinabi niya ay totoo.

3 At ito ay nangyari na, na nagtakbuhan sila sa kanilang lakas, at nagtungo sa hukumang-luklukan; at masdan, ang punong hukom ay nakahandusay sa lupa, at [a]nakahiga sa kanyang dugo.

4 At ngayon masdan, nang makita nila ito ay labis silang nanggilalas, kung kaya't sila ay nangabuwal sa lupa; sapagkat hindi nila pinaniwalaan ang mga salitang sinabi ni Nephi hinggil sa punong hukom.

5 Subalit ngayon, nang makita nila ito sila ay naniwala, at nanaig sa kanila ang takot na baka ang lahat ng kahatulang sinabi ni Nephi ay sapitin ng mga tao; kaya nga, sila ay nanginig, at bumagsak sa lupa.

6 Ngayon, kaagad nang mapatay ang hukom—siya na sinaksak ng kanyang kapatid na nadadamitan ng balatkayo, at siya ay tumakas, at ang mga tagapagsilbi ay nagsitakbuhan at sinabi sa mga tao, nagbubulalas ng sigaw ng pagpaslang sa kanila;

7 At masdan sama-samang tinipon ng mga tao ang kanilang sarili sa lugar ng hukumang-luklukan—at masdan, sa kanilang panggigilalas ay nakita nila ang yaong limang lalaki na nakahandusay sa lupa.

8 At ngayon masdan, ang mga tao ay walang alam hinggil sa maraming tao na sama-samang nagtipon sa [a]halamanan ni Nephi; kaya nga sinabi nila sa kanilang sarili: Ang mga lalaking ito ang siyang pumaslang sa hukom, at sila ay binagabag ng Diyos upang hindi sila makatakas sa atin.

9 At ito ay nangyari na, na kanilang dinakip sila, at kanilang iginapos sila at itinapon sila sa bilangguan. At nagpalaganap ng isang pahayag na pinaslang ang hukom, at na ang mga mamamatay-tao ay nadakip at itinapon sa bilangguan.

10 At ito ay nangyari na, na sa kinabukasan sama-samang ti-

**9** 3*a* Hel. 8:27.

8*a* Hel. 7:10.

nipon ng mga tao ang kanilang
sarili upang magdalamhati at
upang [a]mag-ayuno, sa libing
ng dakilang punong hukom na
pinatay.
11 At sa gayon ang lahat din ng
mga yaong hukom na nasa hala-
manan ni Nephi, at nakarinig sa
kanyang mga salita, ay sama-
sama ring nagtipon sa libing.
12 At ito ay nangyari na, na sila
ay nagtanong sa mga tao, sina-
sabing: Nasaan ang limang isi-
nugo upang alamin ang hinggil
sa punong hukom kung siya ay
patay na nga? At tumugon sila
at sinabi: Hinggil sa limang ito
na sinasabi ninyong isinugo nin-
yo, ay wala kaming nalalaman;
subalit may limang mamama-
tay-tao, na aming itinapon sa
bilangguan.
13 At ito ay nangyari na, na hi-
niling ng mga hukom na dalhin
sila; at sila ay dinala, at masdan,
sila ang yaong limang isinugo;
at masdan, ang mga hukom ay
nagtanong sa kanila hinggil sa
bagay na yaon, at sinabi nila
ang lahat ng ginawa nila, sina-
sabing:
14 Kami ay tumakbo at naka-
rating sa lugar ng hukumang-
luklukan, at nang makita na-
min ang lahat ng bagay maging
tulad ng pinatototohanan ni Ne-
phi, kami ay nanggilalas kung
kaya nga't kami ay bumagsak
sa lupa; at nang kami ay maka-
bawi mula sa aming panggigi-
lalas, masdan, itinapon nila
kami sa bilangguan.
15 Ngayon, hinggil sa pagpas-
lang sa taong ito, hindi namin
nalalaman kung sino ang may
gawa nito; at ito lamang ang
nalalaman namin, kami ay tu-
makbo at nagtungo alinsunod
sa inyong kahilingan, at mas-
dan, siya ay patay na, alinsu-
nod sa mga salita ni Nephi.
16 At ngayon ito ay nangyari
na, na ipinaliwanag ng mga hu-
kom ang bagay na yaon sa mga
tao, at nangusap laban kay Ne-
phi, sinasabing: Masdan, nala-
laman natin na ang Nephi na
ito ay nakipagkasundo sa kung
sino upang patayin ang hukom,
at pagkatapos ito ay ihahayag
sa atin, upang kanyang mapa-
niwala tayo sa kanyang pana-
nampalataya, upang maipag-
malaki niya ang kanyang sarili
na isang dakilang tao, pinili ng
Diyos, at isang propeta.
17 At ngayon masdan, ilalan-
tad natin ang lalaking ito, at
ipagtatapat niya ang kanyang
kasalanan at ipaaalam sa atin
ang tunay na mamamatay-tao
ng hukom na ito.
18 At ito ay nangyari na, na
ang lima ay pinalaya sa araw ng
libing. Gayon pa man, pinagsa-
bihan nila ang mga hukom hing-
gil sa mga salitang sinabi nila
laban kay Nephi, at isa-isang
nakipagtalo sa kanila, hanggang
sa kanilang nalito sila.
19 Gayon pa man, pinapangya-
ri nila na si Nephi ay dakpin at
igapos at dalhin sa harapan ng
maraming tao, at nagsimula si-
lang tanungin siya sa iba't ibang
paraan upang kanilang lituhin
siya, upang kanilang masakda-
lan siya tungo sa kamatayan—

10*a* GBK Ayuno, Pag-aayuno.

20 Sinasabi sa kanya: Ikaw ay
kasabwat; sino ang taong ito na
siyang gumawa ng pagpaslang
na ito? Ngayon sabihin mo sa
amin, at aminin mo ang iyong
kasalanan; sinasabing, Masdan
ito ang salapi; at ipagkakaloob
din namin sa iyo ang iyong bu-
hay kung sasabihin mo sa amin,
at aaminin ang pakikipagkasun-
dong ginawa mo sa kanya.
21 Subalit sinabi ni Nephi
sa kanila: O kayong mga [a]ha-
ngal, kayong mga hindi tuli ang
puso, kayong mga bulag, at ka-
yong mga taong [b]matitigas ang
leeg, nalalaman ba ninyo kung
hanggang kailan kayo pahihin-
tulutan ng Panginoon ninyong
Diyos na magpatuloy sa gani-
tong pamamaraan ninyo ng
pagkakasala?
22 O nararapat kayong magsi-
mulang humagulgol at [a]magda-
lamhati, dahil sa malaking pag-
kalipol na sa panahong ito ay
naghihintay sa inyo, maliban
kung kayo ay magsisisi.
23 Masdan, sinasabi ninyo na
nakipagkasundo ako sa isang
tao na patayin niya si Sisoram,
ang ating punong hukom. Su-
balit masdan, sinasabi ko sa
inyo, na ito ay dahil sa nagpa-
totoo ako sa inyo upang mala-
man ninyo ang hinggil sa ba-
gay na ito; oo, maging bilang
isang patunay sa inyo, na nala-
laman ko ang kasamaan at mga
karumal-dumal na gawain na
nasa inyo.
24 At dahil sa ginawa ko ito,
ay sinasabi ninyong nakipag-
kasundo ako sa isang tao na
gawin niya ang bagay na ito,
oo, dahil sa ipinakita ko sa inyo
ang palatandaang ito kayo ay
nagagalit sa akin, at naghaha-
ngad na kitlin ang buhay ko.
25 At ngayon masdan, mag-
papakita ako sa inyo ng isa
pang palatandaan, at tingnan
kung sa bagay na ito'y haha-
ngarin pa ninyong patayin ako.
26 Masdan, sinasabi ko sa inyo:
Magtungo sa tahanan ni Sean-
tum, na [a]kapatid na lalaki ni Si-
soram, at sabihin sa kanya—
27 Si Nephi ba, na nagkukun-
waring propeta, na nagpropesi-
ya ng labis na kasamaan hinggil
sa mga taong ito, ay nakipag-
kasundo sa iyo, kung kaya't
pinaslang mo si Sisoram, na
iyong kapatid?
28 At masdan, sasabihin niya
sa inyo, Hindi.
29 At sabihin ninyo sa kanya:
Pinaslang mo ba ang iyong ka-
patid?
30 At siya ay titindig sa takot,
at hindi malalaman kung ano
ang sasabihin. At masdan, siya
ay magkakaila sa inyo; at siya
ay magkukunwari na sa wari'y
nanggilalas siya; gayon pa man,
ipahahayag niya sa inyo na wala
siyang kasalanan.
31 Subalit masdan, siyasatin
ninyo siya, at makikita ninyo
ang dugo sa laylayan ng kan-
yang balabal.
32 At kapag nakita ninyo ito,
sabihin ninyo: Saan galing ang

21*a* Gawa 7:51.
*b* GBK Paghihimagsik.
22*a* Mos. 7:24.
26*a* Hel. 8:27.

dugong ito? Hindi ba namin nalalaman na ito ay dugo ng iyong kapatid?
33 At sa gayon siya ay mangi-
nginig, at mamumutla, maging sa wari'y sumapit ang kamatayan sa kanya.
34 At pagkatapos sabihin nin-
yo: Dahil sa takot na ito at sa pamumutlang ito na nakikita sa iyong mukha, masdan, nalalaman namin na ikaw ang may sala.
35 At sa gayon mananaig sa kanya ang higit na malaking takot; at doon siya magtatapat sa inyo, at hindi na magkakaila pa na siya ang gumawa ng pagpaslang na ito.
36 At pagkatapos sasabihin niya sa inyo, na ako, si Nephi, ay walang nalalaman hinggil sa bagay na yaon maliban sa ibinigay sa akin sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. At sa gayon malalaman ninyo na ako ay isang matapat na tao, at na ako ay isinugo sa inyo mula sa Diyos.
37 At ito ay nangyari na, na sila ay humayo at ginawa, maging ang naaayon sa sinabi ni Nephi sa kanila. At masdan, ang mga salitang sinabi niya ay totoo; sapagkat alinsunod sa mga salita siya ay nagkaila; at alinsunod din sa mga salita siya ay nagtapat.
38 At siya ay dinakip upang patunayan na siya nga ang yaong pumaslang, kung kaya nga't ang lima ay pinalaya, at gayon din si Nephi.
39 At may ilan din sa mga Nephita ang naniwala sa mga salita ni Nephi; at may ilan din ang naniwala dahil sa patotoo ng lima, sapagkat nagbalik-loob sila habang nasa bilangguan.
40 At ngayon, may ilan sa mga tao, ang nagsabing si Nephi ay isang propeta.
41 At may ilan ding nagsabi: Masdan, siya ay isang diyos, sapagkat maliban sa siya ay isang diyos ay hindi niya maaaring malaman ang lahat ng bagay. Sapagkat masdan, sinabi niya sa atin ang nasasaloob ng ating mga puso, at nagsabi rin sa atin ng mga bagay; at maging sa ibinigay niya sa ating kaalaman ang tunay na pumaslang sa ating punong hukom.

## KABANATA 10

*Ibinigay ng Panginoon kay Nephi ang kapangyarihang makapagbuklod—Binigyan siya ng kapangyarihang makapagbuklod at makapaghiwalay sa lupa at sa langit—Inutusan niya ang mga tao na magsisi o masawi—Dinala siya ng Espiritu sa bawat kongregasyon. Mga 21–20 B.C.*

AT ito ay nangyari na, na nagkaroon ng paghahati sa mga tao, hanggang sa maghiwa-hiwalay sila rito at doon at nagsihayo sa kani-kanyang mga landas, iniwang nag-iisa si Nephi, habang siya ay nakatindig sa gitna nila.
2 At ito ay nangyari na, na si Nephi ay humayo patungo sa

sarili niyang tahanan, [a]nag-
bubulay-bulay sa mga bagay
na ipinakita sa kanya ng Pa-
nginoon.
3 At ito ay nangyari na, na ha-
bang nasa gayon siyang pagbu-
bulay-bulay—labis na nanlulu-
mo dahil sa kasamaan ng mga
tao ng mga Nephita, dahil sa
kanilang mga lihim na gawain
ng kadiliman, at kanilang mga
pagpaslang, at kanilang mga
pandarambong, at lahat ng uri
ng kasamaan—at ito ay nang-
yari na, na habang nasa gayon
siyang pagbubulay-bulay sa
kanyang puso, masdan, isang
tinig ang nangusap sa kanya si-
nasabing:
4 Pinagpala ka, Nephi, dahil
sa mga yaong bagay na ginawa
mo; sapagkat namasdan ko kung
paano mo ipinahayag nang [a]wa-
lang kapaguran ang salita, na
ibinigay ko sa iyo, para sa mga
taong ito. At hindi ka natakot
sa kanila, at hindi mo inalinta-
na ang [b]sarili mong buhay, kun-
di sinunod ang aking [c]kalooban,
at sinunod ang aking mga ka-
utusan.
5 At ngayon, sapagkat ginawa
mo ito nang walang kapaguran,
masdan, pagpapalain kita mag-
pakailanman; at gagawin kitang
makapangyarihan sa salita at sa
gawa, sa pananampalataya at sa
mga gawa; oo, maging ang [a]la-
hat ng bagay ay magagawa mo
alinsunod sa iyong mga [b]salita,
sapagkat [c]hindi ka hihiling nang
salungat sa aking kalooban.
6 Masdan, ikaw si Nephi, at
ako ang Diyos. Masdan, ipina-
hahayag ko ito sa iyo sa harapan
ng aking mga anghel, na magka-
karoon ka ng kapangyarihan sa
mga taong ito, at parurusahan
ang mundo sa pamamagitan ng
[a]taggutom, at sa pamamagitan
ng salot, at pagkawasak, alin-
sunod sa kasamaan ng mga ta-
ong ito.
7 Masdan, aking ibinibigay sa
iyo ang kapangyarihan, na anu-
man ang [a]ibubuklod mo sa lupa
ay mabubuklod din sa langit;
at anuman ang paghihiwalayin
mo sa lupa ay mahihiwalay rin
sa langit; at sa gayon magkaka-
roon ka ng kapangyarihan sa
mga taong ito.
8 At sa gayon, kung sasabihin
mong mahati sa dalawa ang
templong ito, magaganap nga
ito.
9 At kung sasabihin mo sa
[a]bundok na ito, Ikaw ay luma-
tag at maging patag, magaga-
nap nga ito.
10 At masdan, kung sasabihin
mong parusahan ng Diyos ang
mga taong ito, mangyayari nga
ito.
11 At ngayon masdan, inuu-
tusan kita, na humayo ka at
ipahayag sa mga taong ito, na
ganito ang wika ng Pangino-

**10** 2*a* GBK Pagbulay-bulay.
4*a* GBK Kasigasigan.
*b* GBK Hain.
*c* 3 Ne. 11:11.
5*a* 3 Ne. 18:20; D at T 88:63–65.
*b* Enos 1:12.
*c* 2 Ne. 4:35; D at T 46:30.
6*a* Hel. 11:4–18.
7*a* Mat. 16:19. GBK Buklod, Pagbubuklod.
9*a* Mat. 17:20; Jac. 4:6; Morm. 8:24; Eter 12:30.

ong Diyos, na siyang Pinakamakapangyarihan: Maliban kung kayo ay magsisisi babagabagin kayo, maging hanggang sa [a]pagkalipol.
12 At masdan, ngayon ito ay nangyari na, nang sabihin ng Panginoon ang mga salitang ito kay Nephi, siya ay huminto at hindi na nagtungo sa sarili niyang tahanan, kundi nagbalik sa maraming tao na nagkalat sa paligid ng lupain, at nagsimulang ihayag sa kanila ang mga salita ng Panginoon na sinabi sa kanya, hinggil sa kanilang pagkalipol kung hindi sila magsisisi.
13 Ngayon masdan, sa kabila ng yaong malaking himalang ginawa ni Nephi sa pagsasabi sa kanila hinggil sa kamatayan ng punong hukom, ay pinatigas nila ang kanilang mga puso at hindi pinakinggan ang mga salita ng Panginoon.
14 Anupa't ipinahayag ni Nephi sa kanila ang mga salita ng Panginoon, sinasabing: Maliban kung kayo ay magsisisi, ganito ang wika ng Panginoon, kayo ay babagabagin maging hanggang sa pagkalipol.
15 At ito ay nangyari na, nang ipahayag ni Nephi ang salita sa kanila, masdan, pinatigas pa rin nila ang kanilang mga puso at tumangging makinig sa kanyang mga salita; anupa't kanilang nilait siya, at naghangad na hawakan siya ng kanilang mga kamay upang kanilang maitapon siya sa bilangguan.
16 Subalit masdan, ang kapangyarihan ng Diyos ay nasa kanya, at hindi nila magawang dakpin siya upang siya ay maitapon sa bilangguan, sapagkat siya ay kinuha ng Espiritu at dinalang palayo mula gitna nila.
17 At ito ay nangyari na, na sa gayon siya humayo sa Espiritu, sa bawat pangkat ng maraming tao, ipinahahayag ang salita ng Diyos, maging hanggang sa maipahayag niya ito sa kanilang lahat, o naiparating ito sa lahat ng tao.
18 At ito ay nangyari na, na sila ay tumangging makinig sa kanyang mga salita; at nagsimulang magkaroon ng mga alitan, hanggang sa nagkahati-hati sila laban sa kanilang sarili at nagsimulang patayin ang isa't isa sa pamamagitan ng espada.
19 At sa gayon nagtapos ang ikapitumpu at isang taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi.

## KABANATA 11

*Nahikayat ni Nephi ang Panginoon na palitan ang kanilang digmaan ng isang taggutom—Maraming tao ang nasawi—Sila ay nagsisisi, at si Nephi ay humiling ng ulan sa Panginoon—Sina Nephi at Lehi ay nakatanggap ng maraming paghahayag—Ipinaligid ng mga tulisan ni Gadianton ang kanilang sarili sa lupain. Mga 20–6* B.C.

AT ngayon ito ay nangyari na, na sa ikapitumpu at dalawang taon ng panunungkulan ng mga hukom na, ang mga alitan ay

11*a* Hel. 5:2.

lumaki, hanggang sa magkaroon ng digmaan sa lahat ng dako ng buong lupain sa lahat ng tao ni Nephi.
2 At itong [a]lihim na pangkat ng mga tulisan ang siyang nagpatuloy nang gawaing ito ng pagwasak at kasamaan. At ang digmaang ito ay tumagal ng buong taong yaon; at tumagal din ito sa ikapitumpu at tatlong taon.
3 At ito ay nangyari na, na sa taong yaon si Nephi ay nagsusumamo sa Panginoon, sinasabing:
4 O Panginoon, huwag ipahintulot na ang mga taong ito ay malipol sa pamamagitan ng espada; subalit O Panginoon, higit na mabuting magkaroon ng [a]taggutom sa lupain, upang mapukaw sila sa pag-alaala sa Panginoon nilang Diyos, at baka sakaling sila ay magsisi at bumalik sa inyo.
5 At naganap nga ito, alinsunod sa mga salita ni Nephi. At nagkaroon ng masidhing taggutom sa lupain, sa lahat ng tao ni Nephi. At sa gayon sa ikapitumpu at apat na taon ay nagpatuloy ang taggutom, at ang gawain ng paglipol ay tumigil sa pamamagitan ng espada subalit naging masidhi sa pamamagitan ng taggutom.
6 At ang gawaing ito ng paglipol ay nagpatuloy rin sa ikapitumpu at limang taon. Sapagkat ang lupa ay binagabag kung kaya't natuyo ito, at hindi nagbunga ng butil sa panahon ng tagsibol; at ang buong lupain ay binagabag, maging sa mga Lamanita at gayon din sa mga Nephita, kung kaya't sila ay binagabag na nasawi sila nang libu-libo sa higit na masasamang bahagi ng lupain.
7 At ito ay nangyari na, na napagtanto ng mga tao na malapit na silang mangasawi sa pamamagitan ng taggutom, at nagsimulang [a]maalaala nila ang Panginoon nilang Diyos; at nagsimulang maalaala nila ang mga salita ni Nephi.
8 At ang mga tao ay nagsimulang makiusap sa kanilang mga punong hukom at kanilang mga pinuno, na sabihin nila kay Nephi: Masdan, nalalaman namin na isa kang tao ng Diyos, at kaya nga magsumamo sa Panginoon nating Diyos na alisin niya mula sa atin ang taggutom na ito, at baka ang lahat ng [a]salitang sinabi mo hinggil sa aming pagkalipol ay matupad.
9 At ito ay nangyari na, na sinabi ng mga hukom kay Nephi, ang alinsunod sa mga salitang ninais. At ito ay nangyari na, nang makita ni Nephi na ang mga tao ay nagsisi at nagpakumbaba ng kanilang sarili sa damit na magaspang, siya ay nagsumamong muli sa Panginoon, sinasabing:
10 O Panginoon, masdan nagsisisi na ang mga taong ito; at nilipol nila ang pangkat ni Gadianton mula sa kanila hang-

**11** 2*a* Hel. 6:18–24; 11:25–26.
4*a* 1 Hari 17:1; Hel. 10:6.
7*a* Hel. 12:3.
8*a* Hel. 10:11–14.

gang sa sila ay mapalis, at ikinubli ang kanilang mga lihim na plano sa ilalim ng lupa.
11 Ngayon, O Panginoon, dahil sa kanilang pagpapakumbabang ito maaari bang alisin ninyo ang inyong galit, at hayaan na ang inyong galit ay maglubag sa pagkalipol ng yaong masasamang tao na inyo nang nalipol.
12 O Panginoon, maaari bang alisin ninyo ang inyong galit, oo, ang inyong masidhing galit, at itulot na ang taggutom ay tumigil na sa lupaing ito.
13 O Panginoon, maaari bang pakinggan ninyo ako, at itulot na maganap ang alinsunod sa aking mga salita, at magpadala ng [a]ulan sa ibabaw ng lupain, upang siya ay mamunga, at ang kanyang mga butil sa panahon ng tagsibol.
14 O Panginoon, pinakinggan ninyo ang aking mga [a]salita nang sabihin kong, Magkaroon ng taggutom, upang ang salot ng espada ay matigil; at nalalaman ko na kayo, maging sa panahong ito, ay makikinig sa aking mga salita, sapagkat sinabi ninyo: Kung ang mga taong ito ay magsisisi patatawarin ko sila.
15 Oo, O Panginoon, at nakikita ninyo na sila ay nagsisisi, dahil sa taggutom at sa salot at pagkalipol na sumapit sa kanila.
16 At ngayon, O Panginoon, maaari bang alisin ninyo ang inyong galit, at subuking muli kung sila ay maglilingkod sa inyo? At kung magkagayon, O Panginoon, maaari ninyong pagpalain sila alinsunod sa inyong mga salita na inyong sinabi.
17 At ito ay nangyari na, na sa ikapitumpu at anim na taon ay inalis ng Panginoon ang kanyang galit mula sa mga tao, at itinulot na ang [a]ulan ay bumuhos sa lupa, kung kaya't namunga siya sa panahon ng kanyang pagbunga. At ito ay nangyari na, na sumibol ang kanyang mga butil sa panahon ng tagsibol.
18 At masdan, ang mga tao ay nagsaya at pinapurihan ang Diyos, at ang buong lupain ay napuspos ng saya; at hindi na nila hinangad pang patayin si Nephi, kundi kanilang ipinalagay siya na isang [a]dakilang propeta, at isang tao ng Diyos, nagtataglay ng dakilang kapangyarihan at karapatan na ibinigay sa kanya ng Diyos.
19 At masdan, si Lehi, ang kanyang kapatid, ay [a]hindi bahagya mang nalalayo sa kanya sa mga bagay na nauukol sa kabutihan.
20 At sa gayon nangyari na ang mga tao ni Nephi ay nagsimulang muling umunlad sa lupain, at nagsimulang itayo ang kanilang mga napabayaang lugar, at nagsimulang dumami at kumalat, maging hanggang sa sila ay lumaganap sa buong lupain, kapwa sa pahilaga at sa patimog, mula sa kanlurang dagat hanggang sa silangang dagat.
21 At ito ay nangyari na, na

13*a* 1 Hari 18:1, 41–46.
14*a* Hel. 11:4.
17*a* Deut. 11:13–17.
18*a* Hel. 10:5–11.
19*a* Hel. 5:36–44.

ang ikapitumpu at anim na taon ay nagtapos sa kapayapaan. At ang ikapitumpu at pitong taon ay nagsimula sa kapayapaan; at ang [a]simbahan ay kumalat sa lahat ng dako ng buong lupain; at ang nakararaming bahagi ng mga tao, kapwa ang mga Nephita at ang mga Lamanita, ay nabibilang sa simbahan; at sila ay nagkaroon ng labis na kapayapaan sa lupain; at sa gayon nagtapos ang ikapitumpu at pitong taon.

22 At sila ay nagkaroon din ng kapayapaan sa ikapitumpu at walong taon, maliban sa ilang pagtatalo hinggil sa mga aral ng doktrina na ipinahayag ng mga propeta.

23 At sa ikapitumpu at siyam na taon ay nagkaroon ng labis na sigalutan. Subalit ito ay nangyari na, na sina Nephi at Lehi, at marami sa kanilang mga kapatid na nakaaalam hinggil sa tunay na aral ng doktrina, na nakatatanggap ng maraming [a]paghahayag sa araw-araw, anupa't sila ay nangaral sa mga tao, hanggang sa mawakasan nila ang kanilang sigalutan sa taon ding yaon.

24 At ito ay nangyari na, na sa ikawalumpung taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi, may ilang bilang ng mga tumiwalag mula sa mga tao ni Nephi, na ilang taon nang nakiisa sa mga Lamanita, at dinala sa kanilang sarili ang pangalang Lamanita, at ilan ding bilang ng mga tunay na inapo ng mga Lamanita, na pinukaw nila na magalit, o ng mga yaong tumiwalag, anupa't sila ay nagpasimula ng digmaan sa kanilang mga kapatid.

25 At sila ay nakagawa ng pagpaslang at nandambong; at pagkatapos sila ay umuurong pabalik sa mga bundok, at sa ilang at mga lihim na lugar, ikinukubli ang kanilang sarili upang hindi sila matagpuan, nakatatanggap araw-araw ng karagdagan sa kanilang bilang, habang may mga tumitiwalag na nakikiisa sa kanila.

26 At sa gayon di naglaon, maging sa loob ng hindi maraming taon, sila ay naging napakalaking pangkat ng tulisan; at sinaliksik nila ang lahat ng lihim na plano ni Gadianton; at sa gayon sila naging mga tulisan ni Gadianton.

27 Ngayon masdan, ang mga tulisang ito ay gumawa ng napakalaking kapinsalaan, oo, maging malaking pagkawasak sa mga tao ni Nephi, at gayon din sa mga tao ng mga Lamanita.

28 At ito ay nangyari na, na kinailangang wakasan ang gawaing ito ng pagwasak; kaya nga, sila ay nagpadala ng isang hukbo ng malalakas na tauhan sa ilang at sa mga bundok, upang hanapin ang pangkat na ito ng mga tulisan, at lipulin sila.

29 Subalit masdan, ito ay nangyari na, na sa taon ding

21*a* GBK Simbahan ni Jesucristo.
23*a* Alma 26:22; D at T 107:19.

yaon ay naitaboy silang paba-
lik maging sa kanilang sariling
mga lupain. At sa gayon nagta-
pos ang ikawalumpung taon
ng panunungkulan ng mga hu-
kom sa mga tao ni Nephi.
30 At ito ay nangyari na, na sa
pagsisimula ng ikawalumpu at
isang taon ay muli silang su-
malakay laban sa pangkat ng
mga tulisang ito, at nalipol ang
marami; at dinalaw din sila ng
labis na pagkalipol.
31 At muli silang napilitang
umalis sa ilang at umalis sa
mga bundok patungo sa sarili
nilang mga lupain, dahil sa la-
bis na kalakihan ng bilang ng
mga yaong tulisan na namu-
mugad sa mga bundok at ilang.
32 At ito ay nangyari na, na sa
gayon nagtapos ang taong ito.
At ang mga tulisan ay patuloy
pa ring dumarami at nagiging
makapangyarihan, kung ka-
ya't kinalaban nila ang buong
hukbo ng mga Nephita at ng
mga Lamanita; at pinapangya-
ri nilang manaig ang masid-
hing takot sa mga tao sa lahat
ng dako ng lupain.
33 Oo, sapagkat sinalanta nila
ang maraming dako ng lupain,
at gumawa ng malalaking pag-
wasak sa mga ito; oo, pumapa-
tay nang marami, at dinadalang
bihag ang iba sa ilang, oo, at
lalung-lalo na ang kanilang ka-
babaihan at kanilang mga anak.
34 Ngayon, ang malaking ka-
samaang ito, na sumapit sa
mga tao dahil sa kanilang kasa-
maan, ang muling pumukaw
sa kanila sa pag-alaala sa Pa-
nginoon nilang Diyos.
35 At sa gayon nagtapos ang
ikawalumpu at isang taon ng
panunungkulan ng mga hukom.
36 At sa ikawalumpu at dala-
wang taon ay muli silang nagsi-
mulang [a]makalimot sa Pangino-
on nilang Diyos. At sa ikawa-
lumpu at tatlong taon sila ay
nagsimulang maging malakas
sa kasamaan. At sa ikawalumpu
at apat na taon hindi sila nagba-
go ng kanilang mga pag-uugali.
37 At ito ay nangyari na, na sa
ikawalumpu at limang taon sila
ay lumakas nang lumakas sa
kanilang kapalaluan, at sa ka-
nilang kasamaan; at sa gayon
sila nahihinog na muli para sa
pagkalipol.
38 At sa gayon nagtapos ang
ikawalumpu at limang taon.

## KABANATA 12

*Ang mga tao ay mahihina at hangal at mabilis gumawa ng masama—Pinarusahan ng Panginoon ang kanyang mga tao—Ang kawalang-kabuluhan ng tao ay inihambing sa kapangyarihan ng Diyos—Sa araw ng paghuhukom, matatamo ng tao ang buhay na walang hanggan o walang hanggang kapahamakan. Mga 6 B.C.*

At sa gayon natin mamamas-
dan kung gaano kahuwad, at
gayon din ang kahinaan ng mga
puso ng mga anak ng tao; oo,
nakikita natin na ang Panginoon
sa kanyang walang hanggang

36*a* Alma 46:8.

kabutihan ay pinagpapala at [a]pinananagana ang mga yaong [b]nagtitiwala sa kanya.
2 Oo, at makikita natin sa panahon ding yaon kung kailan niya pinananagana ang kanyang mga tao, oo, sa pag-unlad ng kanilang mga bukirin, ng kanilang mga kawan ng tupa at kanilang mga bakahan, at sa ginto, at sa pilak, at sa lahat ng uri ng mahahalagang bagay ng bawat uri at kasanayan; pinangangalagaan ang kanilang mga buhay, at inililigtas sila mula sa mga kamay ng kanilang mga kaaway; pinalalambot ang mga puso ng kanilang mga kaaway upang hindi sila makidigma laban sa kanila; oo, at sa madaling salita, ginagawa ang lahat ng bagay para sa kapakanan at kaligayahan ng kanyang mga tao; oo, yaon ang panahong [a]pinatitigas nila ang kanilang mga puso, at kinalilimutan ang Panginoon nilang Diyos, at [b]niyuyurakan sa ilalim ng kanilang mga paa ang Banal—oo, at dahil ito sa kanilang kaginhawaan, at kanilang labis na kasaganaan.
3 At sa gayon nakikita natin na maliban kung [a]parurusahan ng Panginoon ang kanyang mga tao sa pamamagitan ng maraming pagdurusa, oo, maliban kung kanyang parurusahan sila sa pamamagitan ng kamatayan at sa pamamagitan ng sindak, at sa pamamagitan ng taggutom at sa pamamagitan ng lahat ng uri ng salot, ay hindi nila siya [b]maaalaala.
4 O kayhangal, at kaypalalo, at kaysama, at mala-diyablo, at kaybilis gumawa ng masama, at kaybagal gumawa ng mabuti, ang mga anak ng tao; oo, [a]kaybilis makinig sa mga salita ng yaong masama, at inilalagak ang kanilang mga [b]puso sa mga walang kabuluhang bagay ng daigdig!
5 Oo, kaybilis maiangat sa [a]kapalaluan; oo, kaybilis magmalaki, at gumawa ng lahat ng uri ng yaong masama; at kaybagal nila sa pag-alaala sa Panginoon nilang Diyos, at pakinggan ang kanyang mga payo, oo, kaybagal [b]lumakad sa mga landas ng karunungan!
6 Masdan, hindi nila nais na ang Panginoon nilang Diyos, na siyang [a]lumikha sa kanila, ang [b]mamuno at mamahala sa kanila; sa kabila ng kanyang dakilang kabutihan at kanyang awa sa kanila, winawalangsaysay nila ang kanyang mga payo, at tumanggi sila na siya ang kanilang maging gabay.
7 O kaylaki ng [a]kawalang-ka-

**12** 1*a* 2 Cron. 26:5; Awit 1:2–3.
*b* Awit 36:7–8; 2 Ne. 22:2; Mos. 4:6. GBK Pagtitiwala.
2*a* GBK Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan.
*b* Alma 5:53; 3 Ne. 28:35.
3*a* Mos. 23:21; D at T 98:21; 101:8.
*b* Amos 4:6–11.
4*a* Ex. 32:8.
*b* Mat. 15:19; Heb. 3:12.
5*a* Kaw. 29:23. GBK Kapalaluan.
*b* GBK Lumakad, Lumakad na Kasama ng Diyos.
6*a* Is. 45:9; D at T 58:30; Moi. 7:32–33.
*b* D at T 60:4.
7*a* Is. 40:15, 17; Mos. 4:19; Moi. 1:10.

buluhan ng mga anak ng tao; oo, maging sila ay hindi nakahihigit kaysa sa alabok ng lupa.
8 Sapagkat masdan, ang alabok ng lupa ay gumagalaw dito at doon, hanggang sa mahati sa dalawa, sa utos ng ating dakila at Diyos na walang hanggan.
9 Oo, masdan sa kanyang tinig ang mga burol at ang mga bundok ay nauuga at [a]nayayanig.
10 At sa [a]kapangyarihan ng kanyang tinig ang mga ito ay nadudurog, at napapatag, oo, maging tulad ng isang lambak.
11 Oo, sa kapangyarihan ng kanyang tinig ang [a]buong mundo ay nayayanig;
12 Oo, sa kapangyarihan ng kanyang tinig, ang mga saligan ay umuuga, maging sa pinakagitna.
13 Oo, at kung sasabihin niya sa mundo—Gumalaw—ito ay gagalaw.
14 Oo, kung sasabihin niya sa [a]mundo—[b]Magbalik, na [c]pinahahaba nito ang araw nang maraming oras—ito ay magaganap;
15 At sa gayon, alinsunod sa kanyang salita ang mundo ay bumalik, at lumitaw ito sa tao na sa wari'y hindi tumitinag ang araw; oo, at masdan, ito ay gayon nga; sapagkat tunay na ang mundo ang umiinog at hindi ang araw.
16 At masdan, gayon din, kung sasabihin niya sa mga [a]tubig ng karagatan—[b]Matuyo ka—ito ay magaganap.
17 Masdan, kung sasabihin niya sa bundok na ito—Tumaas ka, at [a]tumabon at bumagsak sa lunsod na yaon, upang ito ay malibing—masdan, ito ay magaganap.
18 At masdan, kung ang tao ay [a]magkukubli ng kayamanan sa lupa, at sasabihin ng Panginoon—[b]Sumpain ito, dahil sa kasamaan niya na nagkubli nito—masdan, ito ay masusumpa.
19 At kung sasabihin ng Panginoon—Sumpain ito, upang walang sinumang tao ang makatatagpo nito magmula ngayon at magpakailanman—masdan, walang taong makakukuha nito magmula ngayon at magpakailanman.
20 At masdan, kung sasabihin ng Panginoon sa isang tao—Dahil sa iyong mga kasamaan, sumpain ka magpakailanman—ito ay magaganap.
21 At kung sasabihin ng Panginoon—Dahil sa iyong mga kasamaan ay itatakwil ka mula sa aking harapan—gagawin niya na ito'y magkagayon nga.
22 At sa aba niya kung kanino niya sasabihin ito, sapagkat ito ang mangyayari sa kanya na gagawa ng kasamaan, at hindi siya maaaring maligtas; samakatwid, dahil dito, upang ang tao ay maligtas, ay ipinahahayag ang pagsisisi.

9*a* 3 Ne. 22:10.
10*a* 1 Ne. 17:46.
11*a* Morm. 5:23; Eter 4:9.
14*a* Jos. 10:12–14.
*b* Is. 38:7–8.
*c* 2 Hari 20:8–11.
16*a* Mat. 8:27.
*b* Is. 44:27; 51:10.
17*a* 3 Ne. 8:10.
18*a* Morm. 1:18; Eter 14:1.
*b* Hel. 13:17.

23 Samakatwid, pinagpala sila na magsisisi at makikinig sa tinig ng Panginoon nilang Diyos; sapagkat sila ang mga yaong [a]maliligtas.
24 At nawa'y ipagkaloob ng Diyos, sa kanyang dakilang kabanalan, na ang mga tao ay madala sa pagsisisi at mabubuting gawa, upang sila ay mapanumbalik nang biyaya sa [a]biyaya, alinsunod sa kanilang mga gawa.
25 At nais ko na ang lahat ng tao ay maligtas. Subalit nabasa natin na sa dakila at huling araw na may ilang itatakwil, oo, mga itatakwil mula sa harapan ng Panginoon;
26 Oo, na itatadhana sa kalagayan ng walang hanggang pagdurusa, tinutupad ang mga salitang nagsasabi: Sila na gumawa ng kabutihan ay magkakaroon ng [a]buhay na walang hanggan; at sila na gumawa ng kasamaan ay magkakaroon ng walang hanggang [b]kapahamakan. At gayon nga ito. Amen.

---

Ang propesiya ni Samuel, ang Lamanita, sa mga Nephita.

*Binubuo ng mga kabanata 13 hanggang 15 na pinagsama-sama.*

## KABANATA 13

*Si Samuel, ang Lamanita, ay nagpropesiya ng pagkalipol ng mga Nephita maliban kung sila ay magsisisi—Sila at ang kanilang mga kayamanan ay isinumpa—Kanilang tinanggihan at binato ang mga propeta, napaligiran ng mga demonyo, at naghangad ng kaligayahan sa paggawa ng kasamaan. Mga 6 B.C.*

AT ngayon, ito ay nangyari na, sa ikawalumpu at anim na taon, ang mga Nephita ay nanatili pa rin sa kasamaan, oo, sa labis na kasamaan, samantalang ang mga [a]Lamanita ay mahigpit na nagsisikap sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos, alinsunod sa mga batas ni Moises.
2 At ito ay nangyari na, na sa taong ito ay may isang Samuel, isang Lamanita, na dumating sa lupain ng Zarahemla, at nagsimulang mangaral sa mga tao. At ito ay nangyari na, na siya ay nangaral, nang maraming araw, ng pagsisisi sa mga tao, at siya ay itinaboy nilang palabas, at siya sana ay papauwi na sa kanyang sariling lupain.
3 Ngunit masdan, ang tinig ng Panginoon ay nangusap sa kanya, na kinakailangang siya ay muling magbalik, at magpropesiya sa mga tao ng mga anumang bagay na papasok sa kanyang [a]puso.
4 At ito ay nangyari na, na hindi nila pinahintulutan na siya ay makapasok sa lunsod kung kaya't siya ay nagtuloy at umakyat sa pader niyon, at iniunat ang kanyang kamay at sumigaw sa isang malakas na tinig, at nagpropesiya sa mga

---

23*a* GBK Kaligtasan.
24*a* GBK Biyaya.
26*a* Mat. 25:46; Juan 5:28–29; Rom. 6:13.
*b* GBK Kapahamakan.
**13** 1*a* Hel. 15:4–5.
3*a* D at T 100:5.

tao ng anumang mga bagay na inilalagay ng Panginoon sa kanyang puso.
5 At kanyang sinabi sa kanila: Masdan, ako, si Samuel, na isang Lamanita, ay nagsasabi ng mga salita ng Panginoon na inilalagay niya sa aking puso; at masdan, kanyang inilagay sa aking puso na sabihin sa mga taong ito na ang [a]espada ng katarungan ay nakaumang sa ulunan ng mga taong ito; at apat na raang taon ay hindi lilipas at ang espada ng katarungan ay babagsak sa mga taong ito.
6 Oo, malubhang [a]pagkalipol ang naghihintay sa mga taong ito, at ito ay tiyak na sasapit sa mga taong ito, at walang makapagliligtas sa mga taong ito maliban sa pagsisisi at pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, na tiyak na paparito sa daigdig, at magbabata ng maraming bagay at papatayin para sa kanyang mga tao.
7 At masdan, isang [a]anghel ng Panginoon ang nagpahayag nito sa akin, at siya ay naghatid ng [b]masayang balita sa aking kaluluwa. At masdan, ako ay isinugo sa inyo upang ipahayag din ito sa inyo, upang magkaroon kayo ng masayang balita; ngunit masdan ayaw ninyo akong tanggapin.
8 Kaya nga, ganito ang wika ng Panginoon: Dahil sa katigasan ng mga puso ng mga tao ng mga Nephita, maliban kung magsipagsisi sila ay babawiin ko ang aking salita mula sa kanila, at [a]ilalayo ko ang aking Espiritu sa kanila, at hindi ko na sila matatagalan pa, at aking ibabaling ang puso ng kanilang mga kapatid laban sa kanila.
9 At ang [a]apat na raang taon ay hindi lilipas bago ko itulot na sila ay malipol; oo, parurusahan ko sila sa pamamagitan ng espada at ng taggutom at ng salot.
10 Oo, parurusahan ko sila sa aking masidhing galit, at mayroon sa yaong [a]ikaapat na salinlahi na mabubuhay, na inyong mga kaaway, na makamamalas sa inyong lubos na pagkalipol; at ito ay tiyak na darating maliban kung kayo ay magsisisi, wika ng Panginoon; at yaong nasa ikaapat na salinlahi ang siyang magdadala sa inyo sa pagkalipol.
11 Ngunit kung kayo ay magsisisi at [a]magbabalik sa Panginoon ninyong Diyos ay aalisin ko ang aking galit, wika ng Panginoon; oo, iyan ang wika ng Panginoon, pinagpala yaong mga magsisisi at lalapit sa akin, ngunit sa aba niya na hindi magsisisi.
12 Oo, sa [a]aba sa dakilang lunsod na ito ng Zarahemla; sapagkat masdan, dahil sa mabubuti kaya ito ay naligtas; oo, sa aba nitong dakilang lunsod, sa-

5*a* Alma 60:29; 3 Ne. 2:19.
6*a* Alma 45:10–14; Hel. 15:17.
7*a* Alma 13:26.
*b* Is. 52:7.
8*a* Hel. 6:35.
9*a* Alma 45:10–12.
10*a* 1 Ne. 12:12; 2 Ne. 26:9; 3 Ne. 27:32.
11*a* 3 Ne. 10:5–7.
12*a* 3 Ne. 8:8, 24; 9:3.

pagkat nahihiwatigan ko, wika ng Panginoon, na marami, oo, maging ang malaking bahagi nitong dakilang lunsod, ang titigasan ang kanilang mga puso laban sa akin, wika ng Panginoon.
13 Ngunit pinagpala sila na mga magsisipagsisi, sapagkat sila ay ililigtas ko. Ngunit masdan, kung hindi dahil sa mabubuti na naririto sa dakilang lunsod na ito, masdan, aking papapangyarihin na ang [a]apoy ay bumaba buhat sa langit upang wasakin ito.
14 Ngunit masdan, dahil sa mabubuti kaya ito naligtas. Ngunit masdan, darating ang panahon, wika ng Panginoon, kapag inyong paaalisin ang mabubuti sa inyo, ay saka kayo mahihinog para sa pagkalipol; oo, sa aba sa dakilang lunsod na ito, dahil sa kasamaan at mga karumal-dumal na gawain na nasa kanya.
15 Oo, at sa aba sa lunsod ng Gedeon, dahil sa kasamaan at karumal-dumal na gawain na nasa kanya.
16 Oo, at sa aba sa lahat ng lunsod na nasa mga lupain sa paligid, na pag-aari ng mga Nephita, dahil sa mga kasamaan at karumal-dumal na gawain na nasa kanila.
17 At masdan, isang [a]sumpa ang sasapit sa lupain, wika ng Panginoon ng mga Hukbo, dahil sa mga taong naroroon sa lupain, oo, dahil sa kanilang kasamaan at kanilang mga karumal-dumal na gawain.
18 At ito ay mangyayari, wika ng Panginoon ng mga Hukbo, oo, ang ating dakila at tunay na Diyos, na kung sinuman ang [a]magkukubli ng kayamanan sa lupa kailanman ay hindi na muling masusumpungan yaon, dahil sa masidhing sumpa sa lupain, maliban kung siya ay isang mabuting tao at ikukubli niya ito sa Panginoon.
19 Sapagkat nais ko, wika ng Panginoon, na ikubli nila ang kanilang kayamanan sa akin; at sumpain sila na hindi ikukubli ang kanilang kayamanan sa akin; sapagkat walang magkukubli ng kayamanan sa akin maliban sa mabubuti; at siya na hindi ikukubli ang kayamanan sa akin, sumpain siya, at pati na ang kayamanan, at walang makatutubos noon dahil sa sumpa sa lupain.
20 At darating ang araw na ikukubli nila ang kanilang mga kayamanan, sapagkat ang kanilang mga puso ay inilagak nila sa kanilang yaman; at sapagkat inilagak nila ang kanilang mga puso sa kanilang mga kayamanan, at ikukubli nila ang kanilang mga kayamanan sa kanilang pagtakas mula sa harapan ng kanilang mga kaaway; sapagkat hindi nila ikukubli ang mga yaon sa akin, sumpain sila at pati ang kanilang mga kayamanan; at sa araw na yaon sila ay babagabagin, wika ng Panginoon.

13*a* Gen. 19:24; 2 Hari 1:9–16; 3 Ne. 9:11.
17*a* Hel. 12:18.
18*a* Morm. 1:18; Eter 14:1.

21 Masdan ninyo, mga tao ng dakilang lunsod na ito, at [a]makinig sa aking mga salita; oo, makinig sa mga salitang sinabi ng Panginoon; sapagkat masdan, sinabi niya na kayo ay susumpain dahil sa inyong mga kayamanan, at gayundin ang inyong mga kayamanan ay susumpain sapagkat ang inyong mga puso ay inilagak ninyo sa mga yaon, at hindi nangakinig sa mga salita niya na nagbigay sa inyo ng mga yaon.

22 Hindi ninyo naaalaala ang Panginoon ninyong Diyos sa mga bagay na pinagpala niya sa inyo; ngunit lagi ninyong naaalaala ang inyong mga [a]kayamanan, hindi upang magpasalamat sa Panginoon ninyong Diyos para sa mga yaon; oo, ang inyong mga puso ay hindi nakatuon sa Panginoon, sa halip yaon ay lumalaki sa matinding [b]kapalaluan, tungo sa pagmamalaki, at tungo sa kahambugan, mga [c]pagkainggit, sigalutan, malisya, pang-uusig, at pagpaslang, at lahat ng uri ng kasamaan.

23 Sa dahilang ito ay pinapangyari ng Panginoong Diyos na ang sumpa ay sumapit sa lupain, at gayon din sa inyong mga kayamanan, at iyon ay dahil sa inyong mga kasamaan.

24 Oo, sa aba sa mga taong ito, dahil sa panahong ito na sumapit, na inyong [a]itinataboy ang mga propeta, at nilalait sila, at binabato sila, at pinapatay sila, at ginagawa ang lahat ng uri ng kasamaan sa kanila, maging tulad ng ginawa nila noong unang panahon.

25 At ngayon, kung kayo ay nagsasalita, ay sinasabi ninyo: Kung ang aming mga araw ay sa mga araw ng aming mga [a]ama noong unang panahon, malamang hindi namin pinatay ang mga propeta; malamang na hindi namin sila binato, at itinaboy.

26 Masdan, kayo ay masahol pa sa kanila; sapagkat yamang ang Panginoon ay buhay, kung ang isang [a]propeta ay magtungo sa inyo at ipahayag sa inyo ang salita ng Panginoon, na nagpapatotoo sa inyong mga kasalanan at kasamaan, kayo ay [b]nagagalit sa kanya, at itinataboy siya at humahanap ng lahat ng uri ng paraan upang patayin siya; oo, sasabihin ninyo na siya ay isang huwad na [c]propeta, at na siya ay isang makasalanan, at mula sa diyablo, sapagkat siya ay [d]nagpapatotoo na ang inyong mga gawa ay masasama.

27 Ngunit masdan, kung ang isang tao ay magtungo sa inyo at magsasabi: Gawin ito, at walang masama; gawin iyon at hindi ka magdurusa; oo, kanyang sasabihin: Lumakad alinsunod sa kapalaluan ng inyong

21*a* gbk Makinig.
22*a* Lu. 12:34.
gbk Kayamanan; Kamunduhan.
*b* gbk Kapalaluan.
*c* gbk Inggit.
24*a* 2 Cron. 36:15–16; 1 Ne. 1:20.
25*a* Gawa 7:51.
26*a* 2 Cron. 18:7; Lu. 16:31.
*b* Is. 30:9–10.
*c* Mat. 13:57.
*d* Gal. 4:16.

mga puso; oo, lumakad alinsu-
nod sa kapalaluan ng inyong
mga paningin, at gawin kung
anuman ang nais ng inyong
puso—at kung ang isang tao
ay magtungo sa inyo at sasabi-
hin ito, tatanggapin ninyo siya,
at sasabihin na siya ay isang
[a]propeta.
28 Oo, sasambahin ninyo siya,
at ibibigay ninyo sa kanya ang
inyong mga kabuhayan; ibibi-
gay ninyo sa kanya ang inyong
ginto, at ang inyong pilak, at
bibihisan ninyo siya ng mama-
haling kasuotan; at sapagkat
siya ay nangusap ng labis na
mga [a]mapanghibok na salita sa
inyo, at kanyang sinabi na ang
lahat ay mabuti, kung gayon ay
wala kayong makikitang masa-
ma sa kanya.
29 O, kayong masasama at ba-
lakyot na salinlahi; kayong nag-
matigas at mga taong matitigas
ang leeg, hanggang kailan inaa-
kala ninyo na ang Panginoon ay
makatatagal sa inyo? Oo, hang-
gang kailan ninyo pahihintulu-
tan ang inyong sarili na akayin
ng mga [a]hangal at [b]bulag na
taga-akay? Oo, hanggang kailan
ninyo [c]pipiliin ang kadiliman
sa halip na [d]liwanag?
30 Oo, masdan, ang galit ng
Panginoon ay nagsiklab na la-
ban sa inyo; masdan, naisumpa
na niya ang lupain dahil sa in-
yong kasamaan.
31 At masdan, darating ang pa-
nahon na susumpain niya ang
inyong mga kayamanan, kung
kaya't ang mga iyon ay magi-
ging [a]madulas, na hindi ninyo
mahahawakan yaon; at sa araw
ng inyong kahirapan ay hindi
ninyo mapananatili yaon.
32 At sa araw ng inyong kahi-
rapan, kayo ay magsusumamo
sa Panginoon; at sa kabiguan
kayo ay sasamo sapagkat ang
inyong pamamanglaw ay su-
mapit na sa inyo, at ang inyong
pagkalipol ay ginawang tiyak;
at pagkatapos kayo ay mana-
nangis at hahagulgol sa araw
na iyon, wika ng Panginoon ng
mga Hukbo. At kung magka-
gayon kayo ay mamimighati,
at sasabihin:
33 O, [a]kung ako ay nagsisi, at
hindi pinatay ang mga propeta,
at [b]binato sila, at itinaboy. Oo,
sa araw na iyon ay sasabihin
ninyo: O, na aming naalaala
ang Panginoon naming Diyos
noong araw na ibinigay niya sa
amin ang aming mga kayama-
nan, at nang sa gayon ay hindi
sana yaon naging madulas
upang mawala sa amin ang
mga yaon; sapagkat masdan,
ang aming mga kayamanan ay
naglaho sa amin.
34 Masdan, maglalapag kami
ng isang kasangkapan dito at
sa kinabukasan iyon ay wala
na; at masdan, ang aming mga
espada ay kinuha sa amin sa
araw na hinahanap namin ang
mga iyon para sa digmaan.
35 Oo, ikinubli namin ang

27*a* Mi. 2:11.
GBK Huwad na Pagkasaserdote.
28*a* 2 Tim. 4:3–4.
29*a* 2 Ne. 28:9.
*b* Mat. 15:14.
*c* Juan 3:19.
*d* Job 24:13.
31*a* Morm. 1:17–18.
33*a* Morm. 2:10–15.
*b* Mat. 23:37.

aming mga kayamanan at ang
mga ito ay nakahulagpos sa
amin, dahil sa sumpa sa lupain.
36 O kung kami ay nagsisi sa
araw na ang salita ng Pangino-
on ay dumating sa amin; sa-
pagkat masdan ang lupain ay
isinumpa, at lahat ng bagay ay
nagiging madulas, at hindi na-
min mahawakan ang mga yaon.
37 Masdan, kami ay napalili-
giran ng mga demonyo, oo,
kami ay napalilibutan ng mga
anghel niya na naghahangad
na wasakin ang aming mga ka-
luluwa. Masdan, ang aming
mga kasamaan ay malubha. O
Panginoon, hindi ba maaaring
alisin ninyo ang inyong galit
mula sa amin? At ganito ang
magiging pananalita ninyo sa
araw na yaon.
38 Ngunit masdan, ang mga
[a]araw ng inyong pagsubok ay
lumipas na; inyong [b]ipinag-
paliban ang araw ng inyong
kaligtasan hanggang sa ito ay
lubusang naging huli na, at ang
inyong pagkalipol ay tiniyak;
oo, sapagkat inyong hinangad
sa lahat ng araw ng inyong bu-
hay yaong hindi ninyo matata-
mo; at kayo ay naghangad ng
[c]kaligayahan sa paggawa ng
kasamaan, kung aling bagay ay
salungat sa kalikasan ng yaong
kabutihan na nasa ating dakila
at Walang Hanggang Pinuno.
39 O kayong mga tao ng lupa-
in, inyo sanang pakinggan ang
aking mga salita! At ako ay du-
madalangin na ang galit ng Pa-
nginoon ay alisin sa inyo, at na
kayo ay mangagsisi at maligtas.

## KABANATA 14

*Ibinadya ni Samuel ang pagliwanag sa oras ng gabi at isang bagong bituin sa pagsilang ni Cristo—Tinubos ni Cristo ang tao mula sa temporal at espirituwal na kamatayan—Kasama sa mga palatandaan ng kanyang kamatayan ang tatlong araw ng kadiliman, ang pagkabiyak ng mga bato, at malalaking pagkakagulo ng kalikasan. Mga 6 B.C.*

AT ngayon ito ay nangyari na,
na si [a]Samuel, ang Lamanita, ay
nagpropesiya ng marami pang
dakilang bagay na hindi maa-
aring isulat.
2 At masdan, sinabi niya sa
kanila: Masdan, magbibigay ako
sa inyo ng palatandaan; sapag-
kat limang taon pa ang lilipas, at
masdan, pagkatapos ay papari-
to ang Anak ng Diyos upang tu-
busin ang lahat ng yaong mani-
niwala sa kanyang pangalan.
3 At masdan, ito ang ibibigay
ko sa inyo bilang [a]palatandaan
sa panahon ng kanyang pagpa-
rito; sapagkat masdan, magka-
karoon ng mga dakilang liwa-
nag sa langit, kung kaya nga't sa
gabi bago siya pumarito ay hin-
di magkakaroon ng kadiliman,
kung kaya nga't sa paningin ng
mga tao ito ay magmimistulang
araw.
4 Anupa't magkakaroon ng

38*a* Morm. 2:15.
*b* Alma 34:33–34.
*c* Alma 41:10–11.
**14** 1*a* Hel. 13:2.
3*a* 3 Ne. 1:15.

isang maghapon at isang mag-
damag at isang maghapon, na
parang ito ay isang araw at hin-
di magkakaroon ng gabi; at ito
ang sasainyo bilang palatanda-
an; sapagkat malalaman ninyo
ang pagsikat ng araw at gayon
din ang paglubog nito; kaya nga
kanilang malalaman nang may
katiyakan na nagkaroon ng dala-
wang araw at isang gabi; gayun-
man, ang gabi ay hindi magdidi-
lim; at iyon ay sa gabing bago
[a]siya isilang.
5 At masdan, sisikat ang isang
bagong [a]bituin, isa na hindi pa
kailanman namamasdan; at ito
rin ay magiging palatandaan
ninyo.
6 At masdan hindi lamang ito,
magkakaroon pa ng maraming
palatandaan at kababalaghan
sa langit.
7 At ito ay mangyayari na ka-
yong lahat ay magtataka at ma-
mamangha, kung kaya kayo ay
[a]malulugmok sa lupa.
8 At ito ay mangyayari na
sinuman ang [a]maniniwala sa
Anak ng Diyos, siya rin ay
magkakaroon ng buhay na wa-
lang hanggan.
9 At masdan, sa gayon ako
inutusan ng Panginoon, sa pa-
mamagitan ng kanyang ang-
hel, na ako ay pumarito at sabi-
hin ang mga bagay na ito sa
inyo; oo, siya ay nag-utos na
ipropesiya ko ang mga bagay
na ito sa inyo; oo, sinabi niya sa
akin: Ihayag sa mga taong ito,
magsisi at ihanda ang daan ng
Panginoon.
10 At ngayon, dahil sa ako ay
isang Lamanita, at sinabi sa
inyo ang mga salitang iniutos
ng Panginoon sa akin, at sa-
pagkat ito ay mabigat laban sa
inyo, kayo ay nagalit sa akin at
hinangad na patayin ako, at
[a]itaboy ako palabas sa inyo.
11 At inyong maririnig ang
aking mga salita, sapagkat, sa
ganitong hangarin kaya ako
umakyat sa mga pader ng lun-
sod na ito, upang inyong mari-
nig at malaman ang mga kaha-
tulan ng Diyos na naghihintay
sa inyo dahil sa inyong mga
kasamaan, at gayundin upang
malaman ninyo ang mga hini-
hingi ng pagsisisi;
12 At gayundin, upang mala-
man ninyo ang pagparito ni
Jesucristo, na Anak ng Diyos,
ang [a]Ama ng langit at ng lupa,
ang Lumikha ng lahat ng bagay
mula pa sa simula; at upang
malaman ninyo ang mga pala-
tandaan ng kanyang pagpari-
to, sa layuning kayo ay mani-
wala sa kanyang pangalan.
13 At kung kayo ay [a]nanini-
wala sa kanyang pangalan kayo
ay magsisisi sa lahat ng inyong
kasalanan, nang sa gayon, kayo
ay magkaroon ng kapatawaran
sa mga yaon sa pamamagitan
ng kanyang mga [b]kabutihan.
14 At masdan, muli, isa pang

4*a* GBK Jesucristo—Mga propesiya hinggil sa pagsilang at kamatayan ni Jesucristo.
5*a* Mat. 2:1–2; 3 Ne. 1:21.
7*a* 3 Ne. 1:16–17.
8*a* Juan 3:16.
10*a* Hel. 13:2.
12*a* Mos. 3:8; 3 Ne. 9:15; Eter 4:7. GBK Jesucristo.
13*a* Gawa 16:30–31.
*b* D at T 19:16–20.

palatandaan ang ibibigay ko sa
inyo, oo, isang palatandaan ng
kanyang kamatayan.
15 Sapagkat masdan, siya ay
talagang tiyak na mamamatay
upang ang [a]kaligtasan ay duma-
ting; oo, kinakailangan at maha-
laga na siya ay mamatay, upang
mapangyari ang [b]pagkabuhay
na mag-uli ng mga patay, nang
sa gayon, ang tao ay madala
niya sa harapan ng Panginoon.
16 Oo, masdan, ang kamata-
yang ito ang magpapangyari
sa pagkabuhay na mag-uli, at
[a]tumutubos sa buong sangka-
tauhan mula sa unang kamata-
yan—yaong kamatayang espi-
rituwal; dahil ang buong sang-
katauhan, sa [b]pagkahulog ni
Adan na [c]nawalay sa harapan
ng Panginoon, ay itinuturing
na [d]patay, kapwa sa mga bagay
na temporal at sa mga bagay na
espirituwal.
17 Ngunit masdan, ang pag-
kabuhay na mag-uli ni Cristo
ang [a]tutubos sa sangkatauhan,
oo, maging sa buong sangkata-
uhan, at magbabalik sa kanila
sa harapan ng Panginoon.
18 Oo, at isasakatuparan nito
ang hinihingi ng pagsisisi, na
ang sinumang magsisisi, siya rin
ay hindi puputulin at ihahagis
sa apoy; ngunit sinuman ang
hindi magsisi ay puputulin at
ihahagis sa apoy; at pagkata-
pos sasapit sa kanilang muli
ang kamatayang espirituwal,
oo, ang ikalawang kamatayan,
sapagkat sila ay muling inihi-
walay sa mga bagay na nau-
ukol sa kabutihan.
19 Kaya nga, magsisi kayo,
magsisi kayo, at baka sa pagkaa-
lam ninyo ng mga bagay na ito
at hindi ginagawa ang mga
yaon ay pahintulutan ninyo ang
inyong sarili na mapasailalim
ng kahatulan, at kayo ay madala
rito sa ikalawang kamatayan.
20 Ngunit masdan, katulad ng
sinabi ko sa inyo hinggil sa isa
pang [a]palatandaan, isang pala-
tandaan ng kanyang kamata-
yan, masdan, sa araw na yaon
na siya ay magdaranas ng ka-
matayan, ang araw ay [b]magdi-
dilim at tatangging magbigay
ng kanyang liwanag sa inyo; at
gayundin ang buwan at ang
mga bituin; at hindi magkaka-
roon ng liwanag sa ibabaw ng
lupaing ito, maging mula sa
panahon na siya ay magdara-
nas ng kamatayan, sa loob ng
[c]tatlong araw, hanggang sa pa-
nahon na siya ay muling mag-
babangon mula sa mga patay.
21 Oo, sa panahong yaon na
kanyang ibibigay ang kalulu-
wa ay magkakaroon ng mga
[a]pagkulog at pagkidlat sa loob
ng maraming oras, at ang lupa
ay mayayanig at mauuga; at
ang mga bato na nasa ibabaw
ng lupa, na kapwa nasa ibabaw

15*a* GBK Tagapagligtas.
*b* Alma 42:23.
GBK Pagkabuhay na Mag-uli.
16*a* GBK Plano ng Pagtubos.
*b* GBK Pagkahulog nina Adan at Eva.
*c* Alma 42:6–9.
*d* GBK Kamatayan, Espirituwal na.
17*a* GBK Tubos, Tinubos, Pagtubos.
20*a* 3 Ne. 8:5–25.
*b* Lu. 23:44.
*c* Mos. 3:10.
21*a* 3 Ne. 8:6.

at nasa ilalim ng lupa, na nalalaman ninyo na sa panahong ito ay buo, o ang higit na malaking bahagi nito ay isang buo at matigas, ay [b]mangabibiyak;
22 Oo, yaon ay mahahati sa dalawa, at sa tuwina ay [a]matatagpuan na mga bitak at na mga putok, at na mga pira-piraso sa ibabaw ng buong lupa, oo, maging sa ibabaw ng lupa at sa ilalim.
23 At masdan, magkakaroon ng malalakas na unos, at maraming bundok ang mapapatag, katulad sa isang lambak, at magkakaroon ng maraming dako na ngayon ay tinatawag na mga lambak na magiging mga bundok, na lubhang matataas.
24 At maraming lansangang-bayan ang mawawasak, at maraming [a]lunsod ang magiging mapanglaw.
25 At maraming [a]libingan ang mabubuksan, at iluluwa ang marami sa kanilang mga patay; at maraming banal ang magpapakita sa marami.
26 At masdan, gayon ang sinabi ng [a]anghel sa akin; sapagkat sinabi niya sa akin na magkakaroon ng mga pagkulog at pagkidlat sa loob ng maraming oras.
27 At sinabi niya sa akin na habang may kulog at kidlat, at pagbagyo, na ang mga bagay na ito ay mangyayari, at na ang [a]kadiliman ay babalot sa ibabaw ng buong lupa sa loob ng tatlong araw.
28 At sinabi ng anghel sa akin na marami ang makakikita ng higit na mga dakilang bagay kaysa rito, sa layuning sila ay maniwala na [a]ang mga palatandaang ito at mga kababalaghang ito ay mangyayari sa ibabaw ng buong lupaing ito, sa layuning huwag magkaroon ng dahilan na magkaroon ng kawalang-paniniwala sa mga anak ng tao—
29 At ito ay sa layunin na sinumang maniniwala ay maligtas, at ang sinumang hindi maniniwala, isang [a]makatarungang kahatulan ang ipapataw sa kanila; at gayon din kung sila ay maparusahan sila ang nagdala ng kaparusahan sa kanilang sarili.
30 At ngayon, tandaan, tandaan, mga kapatid, na ang sinumang masawi, ay masasawi sa kanyang sarili; at sinumang gagawa ng kasamaan, ay ginagawa ito sa kanyang sarili; sapagkat masdan, kayo ay [a]malaya; kayo ay pinahintulutang kumilos para sa inyong sarili; sapagkat masdan, binigyan kayo ng Diyos ng [b]kaalaman at ginawa niya kayong malaya.
31 Kanyang ibinigay sa inyo na [a]malaman ninyo ang mabuti sa masama, at kanyang ibinigay sa

21*b* 3 Ne. 10:9.
22*a* 3 Ne. 8:18.
24*a* 3 Ne. 9:3–12.
25*a* Mat. 27:50–54; 3 Ne. 23:9–11.
26*a* Alma 13:26.
27*a* 1 Ne. 19:10; 3 Ne. 8:3.
28*a* 1 Ne. 12:4–5.
29*a* GBK Paghuhukom, Ang Huling.
30*a* 2 Ne. 2:26–29; Moi. 6:56. GBK Kalayaang Mamili.
*b* GBK Kaalaman.
31*a* Moro. 7:16.

inyo na kayo ay [b]makapamili
ng buhay o kamatayan; at maa-
ari kayong gumawa ng mabuti
at [c]ibalik sa inyo yaong mabuti,
o yaong mabuti ay ibalik sa
inyo; o maaari kayong guma-
wa ng masama, at ang masama
ay ibalik sa inyo.

## KABANATA 15

*Pinarusahan ng Panginoon ang mga Nephita dahil sa mahal niya sila—Ang mga nagbalik-loob na mga Lamanita ay matibay at matatag sa kanilang pananampalataya—Ang Panginoon ay magiging maawain sa mga Lamanita sa mga huling araw. Mga 6 B.C.*

AT ngayon, mga minamahal
kong kapatid, masdan, iniha-
hayag ko sa inyo na maliban
kung kayo ay magsisisi, ang in-
yong mga tahanan ay maiiwan
sa inyo na [a]mapanglaw.
2 Oo, maliban kung kayo ay
magsisi, ang inyong kababaihan
ay magkakaroon ng malaking
dahilan na magdalamhati sa
araw na sila ay nagpapasuso;
sapagkat mangangahas kayong
tumakas at walang dakong ma-
pagtataguan; oo, at sa aba nila
na [a]may anak, sapagkat sila ay
magiging mabigat at hindi ma-
katatakas; anupa't sila ay ma-
tatapakan at maiiwan upang
mangasawi.
3 Oo, sa aba sa mga taong ito
na tinatawag na mga tao ni Ne-
phi maliban kung sila ay mag-
sisisi, kung kailan nila maki-
kita ang lahat ng palatandaan
at kababalaghang ito na ipaki-
kita sa kanila; sapagkat mas-
dan, sila ay mga piniling tao ng
Panginoon; oo, ang mga tao ni
Nephi ay minahal niya, at kan-
ya ring [a]pinarusahan sila; oo,
sa mga araw ng kanilang kasa-
maan sila ay kanyang pinaru-
sahan dahil sa mahal niya sila.
4 Ngunit masdan mga kapatid
ko, ang mga Lamanita ay kina-
popootan niya sapagkat ang
kanilang mga gawa ay naging
patuloy na masama, at ito ay
dahil sa kasamaan ng [a]kaugali-
an ng kanilang mga ama. Ngu-
nit masdan, ang kaligtasan ay
mapapasakanila sa pamamagi-
tan ng pangangaral ng mga Ne-
phita; at sa ganitong layunin
[b]pinahaba ng Panginoon ang ka-
nilang mga araw.
5 At nais ko na inyong mamas-
dan na ang [a]malaking bahagi
nila ay nasa landas ng kanilang
tungkulin, at sila ay lumalakad
nang maingat sa harapan ng
Diyos, at pinagsisikapan nilang
sundin ang kanyang mga ka-
utusan at kanyang mga batas at
kanyang mga kahatulan alin-
sunod sa mga batas ni Moises.
6 Oo, sinasabi ko sa inyo, na
ang malaking bahagi nila ay gi-
nagawa ito, at sila ay nagsisi-
kap nang walang kapagurang
pagsusumigasig upang madala
ang nalalabi sa kanilang mga

31*b* 2 Ne. 2:28–29; Alma 3:26–27.
*c* Alma 41:3–5.
**15** 1*a* Mat. 23:37–38.
2*a* Mat. 24:19.
3*a* Kaw. 3:12; Heb. 12:5–11; D at T 95:1.
4*a* GBK Kaugalian, Mga.
*b* Alma 9:16.
5*a* Hel. 13:1.

kapatid sa kaalaman ng katoto-
hanan; anupa't marami ang na-
daragdag sa kanilang bilang sa
araw-araw.
7 At masdan, nalalaman ninyo
sa inyong sarili, sapagkat nasak-
sihan ninyo ito, na kasindami ng
nadala sa kanila sa kaalaman ng
katotohanan, at malaman ang
masama at karumal-dumal na
kaugalian ng kanilang mga
ama, at naakay na maniwala sa
mga banal na kasulatan, oo, sa
mga propesiya ng mga banal na
propeta, na nasusulat, na nag-
aakay sa kanila sa pananampa-
lataya sa Panginoon, at sa pag-
sisisi, kung aling pananampa-
lataya at pagsisisi ay nagdudu-
lot ng isang [a]pagbabago ng
puso sa kanila—
8 Samakatwid, kasindami ng
sumapit sa ganito, nalalaman
ninyo sa inyong sarili, ay [a]ma-
tibay at matatag sa pananam-
palataya, at sa bagay kung saan
sila ay ginawang malaya.
9 At nalalaman din ninyong
[a]ibinaon nila ang kanilang mga
sandata ng digmaan, at natata-
kot silang hawakan ang mga
yaon at baka sa anumang para-
an sila ay magkasala; oo, nakiki-
ta ninyo na sila ay natatakot na
magkasala—sapagkat masdan,
pahihintulutan nila ang mga sa-
rili na matapakan at mapatay ng
kanilang mga kaaway, at hindi
magtaas ang kanilang mga es-
pada laban sa kanila, at ito ay
dahil sa kanilang pananampa-
lataya kay Cristo.
10 At ngayon, dahil sa kanilang
katatagan nang sila ay nanini-
wala roon sa bagay na kanilang
pinaniniwalaan, sapagkat da-
hil sa kanilang katatagan nang
minsan sila ay maliwanagan,
masdan, pagpapalain sila ng Pa-
nginoon at pahahabain ang ka-
nilang mga araw, sa kabila ng
kanilang kasamaan—
11 Oo, kahit na sila ay manghi-
na sa kawalang-paniniwala ay
[a]pahahabain ng Panginoon ang
kanilang mga araw, hanggang
sa dumating ang panahon na si-
nabi ng ating mga ama, at gayon
din ng propetang si [b]Zenos, at
marami pang ibang propeta,
hinggil sa [c]panunumbalik na
muli ng ating mga kapatid, na
mga Lamanita, sa kaalaman ng
katotohanan.
12 Oo, sinasabi ko sa inyo, na
sa mga huling panahon ang mga
[a]pangako ng Panginoon ay ipaa-
abot sa ating mga kapatid, ang
mga Lamanita; at sa kabila ng
maraming paghihirap na dara-
nasin nila, at sa kabila ng sila
ay [b]itataboy nang doon at dito
sa balat ng lupa, at tutugisin, at
sasaktan at malawakang maka-
kalat, walang dakong mapag-
tataguan, ang Panginoon ay
magiging [c]maawain sa kanila.
13 At ito ay alinsunod sa pro-
pesiya, na sila ay muling [a]ma-
dadala sa tunay na kaalaman,

7*a* GBK Pagbabalik-loob, Nagbalik-loob.
8*a* Alma 23:6; 27:27; 3 Ne. 6:14.
9*a* Alma 24:17–19.
11*a* Alma 9:16.
*b* Hel. 8:19.
*c* 2 Ne. 30:5–8.
12*a* Enos 1:12–13.
*b* Morm. 5:15.
*c* 1 Ne. 13:31; 2 Ne. 10:18–19; Jac. 3:5–6.
13*a* 3 Ne. 16:12.

kung alin ay kaalaman tungkol sa kanilang Manunubos, at kanilang dakila at tunay na [b]pastol, at mabibilang sa kanyang mga tupa.

14 Kaya nga sinasabi ko sa inyo, [a]higit na mabuti para sa kanila kaysa sa inyo maliban kung kayo ay magsisisi.

15 Sapagkat masdan, [a]kung ang mga makapangyarihang gawa na ipinakita sa inyo ay ipinakita sa kanila, oo, sa kanila na nanghina sa kawalang-paniniwala dahil sa kaugalian ng kanilang mga ama, makikita ninyo sa inyong sarili na hindi na sila muling manghihina sa kawalang-paniniwala.

16 Kaya nga, wika ng Panginoon: Hindi ko sila lubos na lilipulin, kundi papangyayarihin ko na sa araw ng aking karunungan sila ay muling magbabalik sa akin, wika ng Panginoon.

17 At ngayon masdan, wika ng Panginoon, hinggil sa mga tao ng mga Nephita: Kung hindi sila magsisisi, at pagsisikapang isagawa ang aking kalooban, lubusan ko silang [a]lilipulin, wika ng Panginoon, dahil sa kawalan nila ng paniniwala sa kabila ng maraming makapangyarihang gawa na ginawa ko sa kanila; at tunay na yamang buhay ang Panginoon ang mga bagay na ito ay magkakagayon, wika ng Panginoon.

## KABANATA 16

*Ang mga Nephita na naniwala kay Samuel ay bininyagan ni Nephi—Si Samuel ay hindi mapatay ng mga palaso at bato ng mga hindi nagsisising Nephita—Pinatigas ng ilan ang kanilang mga puso, ang mga iba ay nakakita ng mga anghel—Ang mga hindi naniniwala ay nagsabi na hindi makatwirang maniwala kay Cristo at sa kanyang pagparito sa Jerusalem. Mga 6–1 B.C.*

AT ngayon, ito ay nangyari na, na marami ang nakarinig sa mga salita ni Samuel, ang Lamanita, na kanyang sinabi sa ibabaw ng mga pader ng lunsod. At kasindami ng naniwala sa kanyang salita ay humayo at hinanap si Nephi; at nang sila ay humayo at natagpuan siya ay ipinagtapat nila sa kanya ang kanilang mga kasalanan at hindi nagkaila, nagnanais na sila ay mabinyagan sa Panginoon.

2 Ngunit kasindami ng naroroon na hindi naniwala sa mga salita ni Samuel ay nagalit sa kanya; at siya ay binato nila sa ibabaw ng pader, at marami rin ang pumana sa kanya habang siya ay nakatayo sa ibabaw ng pader; ngunit ang Espiritu ng Panginoon ay nasa kanya, kung kaya hindi siya matamaan ng kanilang mga bato ni ng kanilang mga palaso.

3 Ngayon, nang kanilang makita na hindi nila siya matamaan, marami pa ang naniwala sa kanyang mga salita, kung kaya sila ay nagtungo kay Nephi upang magpabinyag.

13*b* GBK Mabuting Pastol.
14*a* Hel. 7:23.
15*a* Mat. 11:20–23.
17*a* Hel. 13:6–10.

4 Sapagkat masdan, si Nephi ay nagbibinyag, at nagpopropesiya, at nangangaral, nangangaral ng pagsisisi sa mga tao, nagpapakita ng mga palatandaan at kababalaghan, gumagawa ng mga [a]himala sa mga tao, upang kanilang malaman na ang Cristo ay [b]nalalapit nang pumarito—

5 Sinasabi sa kanila ang mga bagay na di magtatagal ay darating, upang kanilang malaman at maalaala sa panahon ng kanilang pagsapit na ang mga yaon ay ipinaalam na sa kanila noong una pa man, sa layunin na sila ay maniwala; kung kaya kasindami ng naniwala sa mga salita ni Samuel ay nagtungo sa kanya upang mabinyagan, sapagkat sila ay lumapit na nagsisisi at ipinagtatapat ang kanilang mga kasalanan.

6 Ngunit ang malaking bahagi nila ay hindi naniwala sa mga salita ni Samuel; kung kaya nang makita nila na siya ay hindi nila matamaan ng kanilang mga bato at ng kanilang mga palaso, sumigaw sila sa kanilang mga kapitan, sinasabing: Dakpin ang taong ito at igapos siya, sapagkat masdan may sa diyablo siya; at dahil sa kapangyarihan ng diyablo na nasa kanya ay hindi namin siya matamaan ng aming mga bato at ng aming mga palaso; kaya nga hulihin siya at igapos siya at ilayo siya.

7 At habang sila ay lumalapit upang siya ay hawakan ng kanilang mga kamay, masdan, siya ay tumalon mula sa pader at tumakas palayo sa kanilang lupain, oo, maging sa kanyang sariling bayan, at nagsimulang mangaral at magpropesiya sa kanyang sariling mga tao.

8 At masdan, hindi na siya narinig pa sa mga Nephita; at gayon ang mga pangyayari sa mga tao.

9 At sa gayon nagtapos ang walumpu at anim na taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi.

10 At sa gayon din nagtapos ang walumpu at pitong taon ng panunungkulan ng mga hukom, ang malaking bahagi ng mga tao ay nanatili sa kanilang kapalaluan at kasamaan, at ang maliit na bahagi ay lumalakad nang higit na maingat sa harapan ng Diyos.

11 At ganito rin ang mga kalagayan sa ikawalumpu at walong taon ng panunungkulan ng mga hukom.

12 At walang gaanong pagbabago sa mga gawain ng mga tao, maliban sa ang mga tao ay nagsimulang higit na tumigas sa kasamaan, at gumawa ng higit pa ng yaong salungat sa mga kautusan ng Diyos, sa ikawalumpu at siyam na taon ng panunungkulan ng mga hukom.

13 Ngunit ito ay nangyari na, na sa ikasiyamnapung taon ng panunungkulan ng mga hukom, may mga [a]dakilang palatandaang ibinigay sa mga tao, at mga kababalaghan; at ang

**16** 4*a* GBK Himala. | *b* Hel. 14:2. | 13*a* 3 Ne. 1:4.

mga salita ng mga propeta ay [b]nagsimulang matupad.

14 At ang mga [a]anghel ay nagpakita sa mga tao, mga pantas, at ipinahayag sa kanila ang masayang balita ng malaking kagalakan; sa gayon sa taong ito ang mga banal na kasulatan ay nagsimulang matupad.

15 Gayunpaman, ang mga tao ay nagsimulang patigasin ang kanilang mga puso, lahat maliban doon sa higit na naniniwalang bahagi sa kanila, kapwa sa mga Nephita at gayun din sa mga Lamanita, at nagsimulang umasa sa kanilang sariling lakas at sa kanilang [a]sariling karunungan, sinasabing:

16 Ilan sa mga bagay ay maaaring nahulaan nila nang tama, sa karamihan; ngunit masdan, nalalaman namin na lahat ng dakila at kagila-gilalas na gawang ito ay hindi maaaring mangyari, kung alin ay nasabi na.

17 At sila ay nagsimulang mangatwiran at magtalu-talo sa kanilang sarili, sinasabing:

18 Na [a]hindi makatwiran na isang gayong nilikha gaya ni Cristo ay pumarito; kung magkakagayon, at kung siya ang Anak ng Diyos, ang Ama ng langit at ng lupa, gaya ng sinabi, bakit hindi niya ipakikita ang kanyang sarili sa atin gayon din sa kanila na naroroon sa Jerusalem?

19 Oo, bakit hindi niya ipakikita ang sarili sa lupaing ito ganoon din sa lupain ng Jerusalem?

20 Ngunit masdan, nalalaman natin na ito ay isang masamang [a]kaugalian, na ipinasa-pasa sa atin ng ating mga ama, upang tayo ay papaniwalain sa ilang dakila at kagila-gilalas na bagay na mangyayari, subalit hindi sa atin, kundi sa isang lupaing higit na malayo, isang lupaing hindi natin alam; kaya nga tayo ay mapananatili nila sa kamangmangan, sapagkat hindi natin [b]masasaksihan ng ating sariling mga mata na ang mga yaon ay totoo.

21 At sila, sa pamamagitan ng katusuhan at mahiwagang pamamaraan ng yaong masama, ay gumagawa ng ilang dakilang hiwaga na hindi natin kayang maunawaan, na magpapanatili sa atin sa ibaba upang maging mga alipin ng kanilang mga salita, at mga alipin din nila, sapagkat tayo ay umaasa sa kanila na turuan tayo ng salita; at sa gayon mapananatili nila tayo sa kamangmangan kung ipaiilalim natin ang ating sarili sa kanila, sa lahat ng araw ng ating mga buhay.

22 At marami pang bagay ang inisip ng mga tao sa kanilang mga puso, na mga kahangalan at [a]walang kabuluhan; at sila ay labis na naguluhan, sapagkat si Satanas ang nag-udyok sa kanila na patuloy na gumawa ng kasamaan; oo, siya ay lumibot

13*b* Hel. 14:3–7.
14*a* Alma 13:26.
15*a* Is. 5:21.
18*a* Alma 30:12–13.
20*a* GBK Kaugalian, Mga.
*b* Eter 12:5–6, 19.
22*a* GBK Kawalang-kabuluhan, Walang Kabuluhan.

na nagkakalat ng mga usap-usapan at alitan sa ibabaw ng buong lupain, upang kanyang mapatigas ang mga puso ng mga tao laban doon sa mabuti at laban doon sa yaong darating.
23 At sa kabila ng mga palatandaan at ng mga kababalaghang ginawa sa mga tao ng Panginoon, at ng maraming himalang kanilang ginawa, nagkaroon ng malakas na pagkakahawak si Satanas sa mga puso ng mga tao sa ibabaw ng buong lupain.
24 At sa gayon nagtapos ang ikasiyamnapung taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi.
25 At sa gayon nagtapos ang aklat ni Helaman, ayon sa talaan ni Helaman at ng kanyang mga anak.

# IKATLONG NEPHI
# ANG AKLAT NI NEPHI

ANG ANAK NI NEPHI, NA ANAK NI HELAMAN

At si Helaman ay anak ni Helaman, na anak ni Alma, na anak ni Alma, na inapo ni Nephi na anak ni Lehi, na umalis sa Jerusalem sa unang taon ng paghahari ni Zedekias, na hari ng Juda.

## KABANATA 1

*Si Nephi, ang anak ni Helaman, ay lumisan sa lupain, at ang kanyang anak na si Nephi ang nag-ingat ng mga talaan—Bagaman ang mga palatandaan at kababalaghan ay marami, binalak ng masasama na patayin ang mabubuti—Ang gabi ng pagsilang ni Cristo ay dumating—Ang palatandaan ay nakita, at isang bagong bituin ang sumikat—Mga pagsisinungaling at panlilinlang ay dumami, at pinatay ng mga tulisan ni Gadianton ang marami. Mga* A.D. *1–4.*

NGAYON ito ay nangyari na, na ang ikasiyamnapu at isang taon ay lumipas at ito ay [a]anim na raang taon na mula sa panahong lumisan si Lehi sa Jerusalem; at ito ay sa taon na si Laconeo ang punong hukom at gobernador ng lupain.
2 At si Nephi, na anak ni Helaman, ay lumisan sa lupain ng Zarahemla, nagtatagubilin sa kanyang anak na si [a]Nephi, na kanyang pinakamatandang anak na lalaki, hinggil sa mga [b]laminang tanso, at lahat ng talaang iningatan, at lahat ng yaong bagay na iningatang banal simula pa sa paglisan ni Lehi mula sa Jerusalem.
3 Pagkatapos siya ay lumisan

[3 NEPHI]
**1** 1*a* 2 Ne. 25:19.
2*a* GBK Nephi, Anak ni Nephi, Anak ni Helaman.
*b* Alma 37:3–5.

sa lupain, at [a]kung saan siya nagtungo, walang taong nakaaalam; at ang kanyang anak na si Nephi ang nag-ingat ng mga talaan na kahalili niya, oo, ang talaan ng mga taong ito.
4 At ito ay nangyari na, na sa pagsisimula ng ikasiyamnapu at dalawang taon, masdan, ang mga propesiya ng mga propeta ay nagsimulang ganap na matupad; sapagkat nagsimulang magkaroon ng mga higit na dakilang palatandaan at dakilang himala na ginawa sa mga tao.
5 Subalit may ilan na nagsimulang magsabi na ang panahon ay nakalipas na upang ang mga salita ay matupad, na [a]sinabi ni Samuel, ang Lamanita.
6 At sila ay nagsimulang magsaya laban sa kanilang mga kapatid, sinasabing: Masdan, ang panahon ay lumipas na, at ang mga salita ni Samuel ay hindi natupad; anupa't ang inyong kagalakan at ang inyong pananampalataya hinggil sa bagay na ito ay nawalang-saysay.
7 At ito ay nangyari na, na sila ay lumikha ng malaking pagkakaingay sa buong lupain; at ang mga taong naniniwala ay nagsimulang malungkot nang labis, at baka sa anong paraan ang mga bagay na sinabi ay hindi mangyari.
8 Ngunit masdan, sila ay matatag na naghintay sa maghapong yaon at sa magdamag na yaon at sa maghapon na magiging isang araw na parang walang gabi, upang malaman nila na ang kanilang pananampalataya ay hindi nawalang-kabuluhan.
9 Ngayon ito ay nangyari na, na may isang araw na itinakda ang mga di naniniwala, na ang lahat ng yaong naniniwala sa gayong kaugalian ay nararapat na [a]patayin maliban kung ang palatandaan ay mangyari, na ibinigay ni Samuel, ang propeta.
10 Ngayon ito ay nangyari na, nang makita ni Nephi, na anak ni Nephi, ang ganitong kasamaan ng kanyang mga tao, ang kanyang puso ay labis na nalungkot.
11 At ito ay nangyari na, na siya ay lumabas at iniyukod ang sarili sa lupa, at nagsumamo nang buong taimtim sa kanyang Diyos para sa kapakanan ng kanyang mga tao, oo, yaong maaaring mapahamak dahil sa kanilang pananampalataya sa kaugalian ng kanilang mga ama.
12 At ito ay nangyari na, na siya ay nagsumamo nang buong taimtim sa Panginoon sa [a]buong araw na yaon; at masdan, ang tinig ng Panginoon ay nangusap sa kanya, sinasabing:
13 Itaas mo ang iyong ulo at magalak; sapagkat masdan, dumating na ang panahon, at sa gabing ito ang palatandaan ay makikita, at [a]kinabukasan, paparito ako sa daigdig, upang ipakita sa sanlibutan na tutuparin ko ang lahat ng aking pi-

3*a* 3 Ne. 2:9.
5*a* Hel. 14:2–4.
9*a* GBK Martir, Pagkamartir.
12*a* Enos 1:4; Alma 5:46.
13*a* Lu. 2:10–11.

napangyaring [b]sabihin ng bibig
ng aking mga banal na propeta.
14 Masdan, ako ay [a]paparito
sa sariling akin, upang [b]tuparin
ang lahat ng bagay na ipinaalam
ko sa mga anak ng tao mula
pa sa [c]pagkakatatag ng daigdig,
at upang gawin ang kalooban,
[d]kapwa ng Ama at ng Anak—
ng Ama dahil sa akin, at ng
Anak dahil sa aking laman. At
masdan, dumating na ang pa-
nahon, at sa gabing ito ang pa-
latandaan ay makikita.
15 At ito ay nangyari na, na
ang mga salitang sinabi kay
Nephi ay natupad, alinsunod
sa pagkakasabi sa mga yaon;
sapagkat masdan, sa paglubog
ng araw ay [a]hindi nagkaroon
ng kadiliman; at ang mga tao
ay nagsimulang manggilalas da-
hil sa hindi nagkaroon ng kadi-
liman nang sumapit ang gabi.
16 At marami sa hindi nagsi-
paniwala sa mga salita ng mga
propeta, ang [a]nangabuwal sa
lupa at nagmistulang mga pa-
tay, sapagkat alam nila na ang
malaking [b]plano ng paglipol na
kanilang inihanda para sa mga
naniwala sa mga salita ng mga
propeta ay nabigo; sapagkat ang
palatandaang ibinigay ay duma-
ting na.
17 At nagsimula nilang mala-
man na ang Anak ng Diyos hin-
di maglalaon ay magpapakita;
oo, sa madaling salita, lahat ng
tao sa balat ng buong lupa mula
sa kanluran hanggang sa sila-
ngan, kapwa sa lupain sa hilaga
at sa lupain sa timog, ay labis
na nanggilalas na ikinabuwal
nila sa lupa.
18 Sapagkat alam nila na ang
mga propeta ay nagpatotoo sa
mga bagay na ito ng maraming
taon, at na ang palatandaang
ibinigay ay dumating na; at sila
ay nagsimulang matakot dahil
sa kanilang kasamaan at kani-
lang kawalang-paniniwala.
19 At ito ay nangyari na, na
hindi nagkaroon ng kadiliman
sa buong gabing yaon, kundi
ito ay katulad ng liwanag ng
katanghaliang-tapat. At ito ay
nangyari na, na ang araw ay su-
mikat na muli sa umaga, alinsu-
nod sa wastong kaayusan nito;
at alam nila na ito ang araw na
ang Panginoon ay [a]isisilang, da-
hil sa palatandaang ibinigay.
20 At ito ay nangyari na nga,
oo, lahat ng bagay, bawat kali-
it-liitang bagay, alinsunod sa
mga salita ng mga propeta.
21 At ito rin ay nangyari na,
na isang bagong [a]bituin ang lu-
mitaw, alinsunod sa salita.
22 At ito ay nangyari na, na
mula sa panahong ito, nagsi-
mulang ipalaganap ang mga
kasinungalingan sa mga tao, ni
Satanas, upang patigasin ang
kanilang mga puso, sa layu-
ning huwag silang magsipani-
wala sa mga yaong palatanda-
an at kababalaghang kanilang

13*b* GBK Jesucristo—Mga propesiya hinggil sa pagsilang at kamatayan ni Jesucristo.
14*a* Juan 1:11.
*b* Mat. 5:17–18.
*c* Alma 42:26.
*d* D at T 93:3–4.
15*a* Hel. 14:3.
16*a* Hel. 14:7.
*b* 3 Ne. 1:9.
19*a* Lu. 2:1–7.
21*a* Mat. 2:1–2; Hel. 14:5.

nakita; ngunit sa kabila ng mga
pagsisinungaling at panlilinlang
na ito higit na nakararaming ba-
hagi ng mga tao ang naniwala,
at nagbalik-loob sa Panginoon.
23 At ito ay nangyari na, na si
Nephi ay humayo sa mga tao,
at gayundin ang marami pang
iba, nagbibinyag tungo sa pag-
sisisi, na kung saan nagkaroon
ng malaking [a]pagpapatawad
sa mga kasalanan. At sa gayon
ang mga tao ay nagsimulang
magkaroong muli ng kapaya-
paan sa lupain.
24 At hindi nagkaroon ng mga
pagtatalo, maliban sa ilan na
nagsimulang mangaral, nagsi-
sikap na patunayan sa pama-
magitan ng mga banal na kasu-
latan na hindi na [a]kailangan
pang sundin ang mga batas ni
Moises. Ngayon sa bagay na ito
sila ay nagkamali, sapagkat
hindi nauunawaan ang mga
banal na kasulatan.
25 Ngunit ito ay nangyari na,
na di naglaon sila ay nagbalik-
loob, at napaniwala sa kamalian
na kanilang kinasadlakan, sa-
pagkat ipinaalam sa kanila na
ang mga batas ay hindi pa [a]na-
tutupad, at na ito ay kinakaila-
ngang matupad sa bawat kaliit-
liitang bagay; oo, ang salita
ay ipinahayag sa kanila na ito
ay kinakailangang matupad; oo,
na ang isang tuldok o kudlit ay
hindi lilipas hanggang sa ito ay
matupad na lahat; anupa't sa
taon ding ito, sila ay nadala sa
kaalaman ng kanilang kamali-
an at [b]ipinagtapat ang kanilang
mga pagkakamali.
26 At sa gayon lumipas ang
ikasiyamnapu at dalawang taon,
nagdadala ng masasayang bali-
ta sa mga tao dahil sa mga pala-
tandaang nangyari na, alinsu-
nod sa mga salita ng propesiya
ng lahat ng banal na propeta.
27 At ito ay nangyari na, na
ang ikasiyamnapu at tatlong
taon ay lumipas din sa kapaya-
paan, maliban doon sa mga tu-
lisan ni [a]Gadianton na nanini-
rahan sa mga bundok, na na-
mumugad sa lupain; sapagkat
napakatibay ng kanilang mga
kuta at kanilang mga lihim na
lugar kung kaya't ang mga tao
ay hindi sila madaig; anupa't
sila ay nagsagawa ng maraming
pagpaslang, at gumawa ng ma-
raming pagkatay sa mga tao.
28 At ito ay nangyari na, na sa
ikasiyamnapu at apat na taon
sila ay nagsimulang dumami sa
napakalaking bilang, dahil sa
maraming tumitiwalag sa mga
Nephita na tumakas patungo sa
kanila, na naging sanhi ng labis
na kalungkutan doon sa mga
Nephita na nanatili sa lupain.
29 At nagkaroon din ng dahi-
lan ng labis na kalungkutan sa
mga Lamanita; sapagkat mas-
dan, marami silang mga anak
na lumaki at nagsimulang ma-
ging makapangyarihan sa pag-
lipas ng mga taon, kung kaya't
sila ay nagbago sa kanilang sa-
rili at naakay palayo ng ilan sa
mga [a]Zoramita sa pamamagitan

23*a* GBK Kapatawaran ng mga Kasalanan.
24*a* Alma 34:13.
25*a* Mat. 5:17–18.
*b* Mos. 26:29.
27*a* GBK Tulisan ni Gadianton, Mga.
29*a* Alma 30:59.

ng kanilang pagsisinungaling at
kanilang mahihibok na salita, na
umanib sa mga yaong tulisan
ni Gadianton.
30 At sa gayon din nahirapan
ang mga Lamanita, at nagsimu-
lang manghina sa kanilang pa-
nanampalataya at kabutihan,
dahil sa kasamaan ng sumisi-
bol na salinlahi.

## KABANATA 2

*Ang kasamaan at mga karumal-dumal na gawain ay lumaganap sa mga tao—Ang mga Nephita at Lamanita ay nagkaisa na ipagtanggol ang kanilang sarili laban sa mga tulisan ni Gadianton—Ang mga nagbalik-loob na Lamanita ay naging mapuputi at tinawag na mga Nephita. Mga* A.D. *5–16.*

AT ito ay nangyari na, na sa ga-
yon din lumipas ang ikasiyam-
napu at limang taon, at ang mga
tao ay nagsimulang malimutan
yaong mga palatandaan at ka-
babalaghang kanilang narinig,
at nagsimulang unti-unting hin-
di na nanggigilalas sa isang pa-
latandaan o isang kababalaghan
mula sa langit, hanggang sa sila
ay magsimulang maging matiti-
gas sa kanilang mga puso, at bu-
lag sa kanilang mga pag-iisip,
at nagsimulang hindi paniwa-
laan ang lahat ng narinig nila at
nakita—
2 Nag-aakala ng walang ka-
buluhang bagay sa kanilang
mga puso, na ito ay gawa ng
tao at ng kapangyarihan ng
diyablo, upang maakay palayo
at [a]malinlang ang mga puso ng
mga tao; at sa gayon muling
naangkin ni Satanas ang mga
puso ng mga tao, kung kaya
nga't nabulag niya ang kani-
lang mga mata at naakay silang
palayo na maniwala na ang
doktrina ni Cristo ay isang ka-
hangalan at walang kabulu-
hang bagay.
3 At ito ay nangyari na, na ang
mga tao ay nagsimulang ma-
ging malakas sa kasamaan at
mga karumal-dumal na gawa-
in; at hindi sila naniniwalang
magkakaroon ng iba pang mga
palatandaan o kababalaghang
ipakikita; at si Satanas ay [a]nag-
palibut-libot, inaakay palayo
ang mga puso ng mga tao, tinu-
tukso sila at inuudyukan silang
gumawa ng labis na kasamaan
sa lupain.
4 At sa gayon lumipas ang
ikasiyamnapu at anim na taon;
at gayon din ang ikasiyamnapu
at pitong taon; at gayon din
ang ikasiyamnapu at walong
taon; at gayon din ang ikasi-
yamnapu at siyam na taon;
5 At isandaang taon din ang
lumipas mula noong mga araw
ni [a]Mosias, na naging hari sa
mga tao ng mga Nephita.
6 At anim na raan at siyam na
taon na ang lumipas mula nang
lisanin ni Lehi ang Jerusalem.
7 At siyam na taon na ang lu-
mipas mula sa panahong nakita
ang palatandaan, na sinabi ng
mga propeta, na si Cristo ay pa-
parito sa daigdig.

**2** 2*a* GBK Mapanlinlang, Manlinlang, Panlilinlang.
3*a* D at T 10:27.
5*a* Mos. 29:46–47.

8 Ngayon, ang mga Nephita ay
nagsimulang bilangin ang kanilang oras mula sa panahong ito nang ang palatandaan ay makita, o mula sa pagparito ni Cristo; anupa't siyam na taon na ang lumipas.
9 At si Nephi, na ama ni Nephi,
na nangangalaga sa mga talaan, ay [a]hindi na bumalik sa lupain ng Zarahemla, at hindi na natagpuan pa sa buong lupain.
10 At ito ay nangyari na, na
ang mga tao ay nanatili pa rin sa kasamaan, sa kabila ng labis na pangangaral at pagpopropesiyang ipinalaganap sa kanila; at sa gayon din lumipas ang ikasampung taon; at lumipas din ang ikalabing-isang taon sa kasamaan.
11 At ito ay nangyari na, na sa
ikalabingtatlong taon ay nagsimulang magkaroon ng mga digmaan at alitan sa lahat ng dako ng buong lupain; sapagkat naging napakarami ng mga tulisan ni Gadianton, at pumatay ng napakarami sa mga tao, at winasak ang napakaraming lunsod, at nagpalaganap ng labis na kamatayan at pagkatay sa buong lupain, kung kaya't kinailangan na ang lahat ng tao, kapwa mga Nephita at Lamanita, ay humawak ng mga sandata laban sa kanila.
12 Kaya nga, lahat ng Lamanita
na nagbalik-loob sa Panginoon ay nakiisa sa kanilang mga kapatid, ang mga Nephita, at napilitan, para sa kaligtasan ng kanilang mga buhay at kanilang kababaihan at kanilang mga anak, na humawak ng mga sandata laban sa mga yaong tulisan ni Gadianton, oo, at upang mapangalagaan din ang kanilang mga karapatan, at mga pribilehiyo ng kanilang simbahan at ng kanilang pagsamba, at kanilang [a]kalayaan.
13 At ito ay nangyari na, na
bago lumipas ang ikalabingtatlong taong ito, ang mga Nephita ay nanganib na ganap na malipol dahil sa digmaang ito, na naging napakasidhi.
14 At ito ay nangyari na, na
yaong mga Lamanita na nakiisa sa mga Nephita ay napabilang sa mga Nephita;
15 At ang [a]sumpa sa kanila ay
inalis mula sa kanila, at ang kanilang mga balat ay naging [b]mapuputi na katulad ng mga Nephita;
16 At ang kanilang mga kaba-
taang lalaki at babae ay naging napakakaaya-aya, at napabilang sila sa mga Nephita, at tinawag na mga Nephita. At sa gayon nagtapos ang ikalabingtatlong taon.
17 At ito ay nangyari na, na sa
pagsisimula ng ikalabing-apat na taon, ang digmaan sa pagitan ng mga tulisan at ng mga tao ni Nephi ay nagpatuloy at naging napakasidhi; gayon pa man, ang mga tao ni Nephi ay nagtamo ng kaunting kalamangan sa mga tulisan, hanggang sa kanilang naitaboy sila palabas ng kani-

9*a* 3 Ne. 1:2–3.
12*a* GBK Malaya, Kalayaan.
15*a* Alma 17:15; 23:18.
*b* 2 Ne. 5:21; 30:6; Jac. 3:8.

lang mga lupain patungo sa
mga bundok at patungo sa ka-
nilang mga lihim na lugar.
18 At sa gayon nagtapos ang
ikalabing-apat na taon. At sa
ikalabinglimang taon sila ay su-
malakay laban sa mga tao ni
Nephi; at dahil sa kasamaan ng
mga tao ni Nephi, at sa marami
nilang alitan at mga pagtatalu-
talo, ang mga tulisan ni Gadi-
anton ay nagtamo ng malaking
kalamangan sa kanila.
19 At sa gayon nagtapos ang
ikalabinglimang taon, at sa ga-
yon ang mga tao ay nasa kala-
gayan ng maraming paghihirap;
at ang [a]espada ng pagkalipol
ay nakaumang sa ulunan nila,
kung kaya nga't sila ay babaga-
bagin na sana nito, at ito ay da-
hil sa kanilang kasamaan.

## KABANATA 3

*Si Giddianhi, ang pinuno ng mga Gadianton, ay hininging isuko ni Laconeo at ng mga Nephita ang kanilang sarili at ang kanilang mga lupain—Hinirang ni Laconeo si Gidgiddoni na punong kapitan ng mga hukbo—Ang mga Nephita ay nagtipun-tipon sa Zarahemla at Masagana upang ipagtanggol ang kanilang sarili. Mga* A.D. *16–18.*

AT ngayon ito ay nangyari na,
na sa ikalabing-anim na taon
mula sa pagparito ni Cristo, si
Laconeo, ang gobernador ng lu-
pain, ay nakatanggap ng liham
mula sa pinuno at gobernador
ng pangkat ng mga tulisang ito;
at ito ang mga salitang nakasu-
lat, sinasabing:
2 Laconeo, kagalang-galang at
punong gobernador ng lupain,
masdan, isinulat ko ang liham
na ito sa iyo, at nagbibigay sa
iyo ng labis na papuri dahil sa
iyong katatagan, at gayon din
sa katatagan ng iyong mga tao,
sa pangangalaga ng yaong ina-
akala ninyong inyong karapa-
tan at kalayaan; oo, magaling
kayong naninindigan, na tila
bagang itinataguyod kayo ng
kamay ng isang diyos, sa pag-
tatanggol ng inyong kalayaan,
at ng inyong ari-arian, at ng in-
yong bayan, o yaong tinatawag
ninyong gayon.
3 At tila bagang nakakaawa
para sa akin, kagalang-galang
na Laconeo, na ikaw ay maging
napakahangal at hambog upang
akalain na maaari kang maka-
panlaban sa napakaraming ma-
tapang na tauhan na nasa aking
pamumuno, na sa ngayong oras
na ito ay nakahanda sa kanilang
mga sandata, at naghihintay
nang may labis na pananabik
sa salita—Bumaba sa mga Ne-
phita at lipulin sila.
4 At ako, nalalaman ang di
magapi nilang katapangan, ma-
tapos silang mapatunayan sa
larangan ng digmaan, at nala-
laman ang kanilang walang
hanggang pagkapoot sa inyo
dahil sa marami ninyong pang-
aaping ginawa sa kanila, kaya
nga, kung sila ay sasalakay la-
ban sa inyo ay dadalawin nila
kayo sa ganap na pagkalipol.

19*a* Alma 60:29.

5 Kaya nga isinulat ko ang liham na ito, tinatakan ng sarili kong kamay, nakauunawa para sa inyong kapakanan, dahil sa inyong katatagan sa yaong pinaniniwalaan ninyong tama, at ang inyong magigiting na espiritu sa larangan ng digmaan.

6 Kaya nga sumusulat ako sa iyo, hinihinging isuko na ninyo sa mga tao kong ito, ang inyong mga lunsod, inyong mga lupain, at inyong mga pag-aari, kaysa sa kayo ay dalawin nila ng espada at sumapit sa inyo ang pagkalipol.

7 O sa ibang salita, isuko na ninyo ang inyong sarili sa amin, at makiisa sa amin at maging maalam sa aming mga [a]lihim na gawain, at maging aming mga kapatid upang kayo ay maging katulad namin—hindi aming mga alipin, kundi aming mga kapatid at kahati sa lahat ng aming mga ari-arian.

8 At masdan, ako ay [a]nangangako sa inyo, kung gagawin ninyo ito, nang may panunumpa, hindi kayo malilipol; subalit kung hindi ninyo gagawin ito, ako ay nangangako sa inyo nang may panunumpa, na sa susunod na buwan ay iuutos ko na ang aking mga hukbo ay sumalakay sa inyo, at hindi nila pipigilin ang kanilang kamay at hindi sila magpapatawad, kundi papatayin kayo, at pababagsakin ang espada sa inyo maging hanggang sa malipol kayo.

9 At masdan, ako si Giddianhi; at ako ang gobernador nitong [a]lihim na samahan ni Gadianton; kung aling samahan at ang mga gawain niyon ay nalalaman kong [b]mabuti; at ang mga ito ay noong [c]sinauna pa at ang mga ito ay ipinasa-pasa sa amin.

10 At isinulat ko ang liham na ito sa iyo, Laconeo, at umaasa akong isusuko ninyo ang inyong mga lupain at inyong mga pag-aari, nang walang pagdadanak ng dugo, upang mabawi nitong mga tao ko ang kanilang mga karapatan at pamahalaan, na mga tumiwalag mula sa inyo dahil sa inyong kasamaan sa pagkakait sa kanila ng kanilang mga karapatan sa pamahalaan, at maliban kung gagawin ninyo ito, ipaghihiganti ko ang kanilang mga kaapihan. Ako si Giddianhi.

11 At ngayon ito ay nangyari na, nang matanggap ni Laconeo ang liham na ito siya ay labis na nanggilalas, dahil sa kapangahasan ni Giddianhi sa paghingi ng pag-aari ng lupain ng mga Nephita, at sa pagbabanta rin sa mga tao at sa paghihiganti ng mga kaapihan ng mga yaong hindi naman dinulutan ng kaapihan, maliban sa [a]inapi nila ang kanilang sarili sa pagtitiwalag patungo sa yaong masasama at mga karumal-dumal na tulisan.

12 Ngayon masdan, itong si

**3** 7*a* Hel. 6:22–26.
8*a* Eter 8:13–14.
9*a* gbk Lihim na Pagsasabwatan, Mga.
*b* Alma 30:53.
*c* Hel. 6:26–30; Moi. 5:29, 49–52.
11*a* Hel. 14:30.

Laconeo, ang gobernador, ay
isang makatarungang lalaki, at
hindi maaaring matakot ng
mga kahilingan at ng mga pag-
babanta ng isang [a]tulisan; kaya
nga hindi niya binigyang-pan-
sin ang liham ni Giddianhi, na
gobernador ng mga tulisan,
kundi kanyang pinapangyari
na ang kanyang mga tao ay
magsumamo sa Panginoon
upang humingi ng lakas sa pag-
hahanda sa panahon ng pagsa-
lakay ng mga tulisan laban sa
kanila.
13 Oo, nagpadala siya ng pa-
hayag sa lahat ng tao, na mag-
kakasamang tipunin nila ang
lahat ng kanilang kababaihan,
at kanilang mga anak, ang ka-
nilang mga kawan ng tupa at
kanilang mga baka, at lahat ng
kanilang ari-arian, maliban sa
kanilang lupain, sa isang lugar.
14 At iniutos niya na magtayo
ng mga muog sa paligid nila, at
na ang tibay niyon ay maging
labis-labis. At iniutos niya na
ang mga hukbo, kapwa ng mga
Nephita at ng mga Lamanita, o
ng lahat silang nabibilang sa
mga Nephita, ay italagang mga
bantay sa paligid upang banta-
yan sila, at ipagtanggol sila sa
mga tulisan sa araw at gabi.
15 Oo, sinabi niya sa kanila:
Yamang ang Panginoon ay bu-
hay, maliban kung kayo ay
magsisisi sa lahat ng inyong
kasamaan, at magsusumamo sa
Panginoon, hindi kayo sa anu-
mang paraan maliligtas mula
sa mga kamay ng mga yaong
tulisan ni Gadianton.
16 At napakadakila at kagila-
gilalas ang mga salita at prope-
siya ni Laconeo kung kaya't
kanyang napapangyaring ma-
ngibabaw ang takot sa lahat ng
tao; at nagsikap sila sa kani-
lang sarili sa kanilang lakas na
gawin ang naaayon sa mga sa-
lita ni Laconeo.
17 At ito ay nangyari na, na
si Laconeo ay naghirang ng mga
punong kapitan sa lahat ng
hukbo ng mga Nephita, upang
pamunuan sila sa panahon ng
pagsalakay ng mga tulisan
mula sa ilang laban sa kanila.
18 Ngayon, ang pinakapuno
sa lahat ng punong kapitan at
ang dakilang pinuno ng lahat
ng hukbo ng mga Nephita ay
hinirang, at ang kanyang pa-
ngalan ay [a]Gidgiddoni.
19 Ngayon, kaugalian sa lahat
ng Nephita na maghirang ng
mga magiging punong kapitan
nila, (maliban kung ito ay sa
panahon ng kanilang kasama-
an) ng sinumang nagtataglay
ng diwa ng paghahayag at ga-
yon din ng [a]propesiya; anupa't
ang Gidgiddoni na ito ay daki-
lang propeta sa kanila, katulad
din ng yaong punong hukom.
20 Ngayon sinabi ng mga tao
kay Gidgiddoni: Manalangin ka
sa Panginoon, at aahon tayo sa
mga bundok at sa ilang, upang
masalakay natin ang mga tuli-
san at malipol sila sa kanilang
sariling mga lupain.

12*a* Alma 54:5–11; 3 Ne. 4:7–10.
18*a* 3 Ne. 6:6.
19*a* GBK Propesiya, Pagpopropesiya.

21 Subalit sinabi ni Gidgiddo-
ni sa kanila: [a]Ipinagbabawal ng
Panginoon; sapagkat kung
aahon tayo sa kanila ay [b]ibibi-
gay tayo ng Panginoon sa ka-
nilang mga kamay; kaya nga
ihahanda natin ang ating sarili
sa gitna ng ating mga lupain, at
ikakalap natin ang lahat ng
ating hukbo, at hindi tayo sa-
salakay laban sa kanila, kun-
di maghihintay tayo hanggang
sa sila ay sumalakay laban sa
atin; samakatwid yamang ang
Panginoon ay buhay, kung ga-
nito ang gagawin natin sila
ay ibibigay niya sa ating mga
kamay.
22 At ito ay nangyari na, na sa
ikalabimpitong taon, sa huling
bahagi ng taon, ang pahayag ni
Laconeo ay napalaganap na sa
lahat ng dako ng lupain, at dina-
la nila ang kanilang mga kaba-
yo, at kanilang mga karuwahe,
at kanilang mga baka, at lahat
ng kanilang kawan ng tupa, at
kanilang mga baka, at kanilang
mga butil, at lahat ng kanilang
ari-arian, at nagsihayo nang
libu-libo at nang sampu-sam-
pung libo, hanggang sa silang
lahat ay makarating sa itinak-
dang lugar na sama-samang
pagtitipunan nila, upang ipag-
tanggol nila ang kanilang sarili
laban sa kanilang mga kaaway.
23 At ang lupaing itinakda ay
lupain ng Zarahemla, at ang lu-
pain na nasa pagitan ng lupaing
Zarahemla at ng lupaing Masa-
gana, oo, patungo sa hangganan
na nasa pagitan ng lupaing Ma-
sagana at ng lupaing Kapang-
lawan.
24 At may napakaraming li-
bong katao na tinatawag na mga
Nephita, ang sama-samang ti-
nipon ang kanilang sarili sa
lupaing ito. Ngayon iniutos ni
Laconeo na nararapat nilang
sama-samang tipunin ang ka-
nilang sarili sa lupaing katimu-
gan, dahil sa masidhing sumpa
na nasa [a]lupaing kahilagaan.
25 At pinatibay nila ang kani-
lang sarili laban sa kanilang
mga kaaway; at sila ay nanira-
han sa iisang lupain, at sa iisang
pangkat, at sila ay natakot sa
mga salitang sinabi ni Laconeo,
kung kaya nga't sila ay nagsisi
sa lahat ng kanilang mga kasala-
nan; at inialay nila ang kanilang
mga panalangin sa Panginoon
nilang Diyos, na kanyang [a]ilig-
tas sila sa panahong sasalakayin
sila ng kanilang mga kaaway
upang makidigma.
26 At sila ay labis na nalungkot
dahil sa kanilang mga kaaway.
At iniutos ni Gidgiddoni na sila
ay gumawa ng mga [a]sandata ng
digmaan ng bawat uri, at dapat
silang gumawa ng matitibay na
baluti, at ng mga pananggalang,
at ng mga kalasag, alinsunod sa
kanyang tagubilin.

## KABANATA 4

*Ang mga hukbo ng mga Nephita ay tinalo ang mga tulisan ni Gadianton—Si Giddianhi ay napatay, at ang kanyang kahaliling si Zem-*

21*a* Alma 48:14.
*b* 1 Sam. 14:12.
24*a* Alma 22:31.
25*a* GBK Pagtitiwala.
26*a* 2 Ne. 5:14.

*narihas ay ibinigti—Pinapurihan ng mga Nephita ang Panginoon dahil sa kanilang mga pagwawagi. Mga A.D. 19–22.*

At ito ay nangyari na, na sa hu-
ling bahagi ng ikalabingwalong
taon ay nakapaghanda na para
sa digmaan ang mga yaong
hukbo ng mga yaong tulisan, at
nagsimulang bumaba at mabi-
lis na humayo mula sa mga bu-
rol, at mula sa mga bundok, at
sa ilang, at kanilang mga muog,
at kanilang mga lihim na lugar,
at nagsimulang angkinin ang
mga lupain, kapwa mga lupa-
ing katimugan at mga lupaing
kahilagaan, at nagsimulang ang-
kinin ang lahat ng lupaing [a]ini-
wan ng mga Nephita, at ang
mga lunsod na iniwang mapa-
panglaw.
2 Subalit masdan, walang ma-
babangis na hayop ni mga ha-
yop na sinisilo sa mga lupaing
yaon na iniwan ng mga Nephi-
ta, at walang mga hayop na si-
nisilo para sa mga tulisan mali-
ban lamang sa ilang.
3 At ang mga tulisan ay hindi
mabubuhay maliban lamang sa
ilang, dahil sa kakulangan ng
pagkain; sapagkat nilisan ng
mga Nephita ang kanilang mga
lupain na mapanglaw, at tini-
pon ang kanilang mga kawan
ng tupa at kanilang mga baka
at lahat ng kanilang ari-arian, at
sila ay nasa iisang pangkat.
4 Anupa't walang pagkakata-
on na ang mga tulisan ay ma-
kapandambong at makakuha ng
pagkain, maliban kung sasala-
kay ng hantarang pakikidigma
laban sa mga Nephita; at dahil
ang mga Nephita ay nasa ii-
sang pangkat, at may napaka-
laking bilang, at matapos ma-
kapaglaan ng pagkain para sa
kanilang sarili, at mga kabayo
at baka, at bawat uri ng kawan,
upang sila ay mabuhay sa loob
ng pitong taon, kung aling pa-
nahon ay umaasa silang mali-
lipol na ang mga tulisan mula
sa ibabaw ng lupain; at sa ga-
yon lumipas ang ikalabingwa-
long taon.
5 At ito ay nangyari na, na sa
ikalabingsiyam na taon ay na-
laman ni Giddianhi na siya ay
kinakailangang umahon upang
makidigma laban sa mga Ne-
phita, sapagkat walang paraan
upang sila ay mabuhay mali-
ban sa pandarambong at pag-
nanakaw at pagpaslang.
6 At hindi sila nangahas na
ikalat ang kanilang sarili sa iba-
baw ng lupain nang sa gayon
sila ay makapagtanim ng butil,
at baka salakayin sila ng mga
Nephita at patayin sila; anu-
pa't si Giddianhi ay nagbigay-
kautusan sa kanyang mga huk-
bo na sa taong ito sila ay aahon
upang makidigma laban sa mga
Nephita.
7 At ito ay nangyari na, na sila
ay sumalakay upang makidig-
ma; at ito ay sa ikaanim na bu-
wan; at masdan, kasindak-sin-
dak at kakila-kilabot ang araw
nang sumalakay sila upang ma-
kidigma; at sila ay nabibigkisan
alinsunod sa pamamaraan ng
mga tulisan; at sila ay may balat

**4** 1*a* 3 Ne. 3:13–14, 22.

ng kordero sa kanilang mga balakang, at sila ay nakukulayan ng dugo, at ang kanilang mga ulo ay ahit, at mayroon silang baluti sa ulo, at kasindak-sindak at kakila-kilabot ang anyo ng mga hukbo ni Giddianhi, dahil sa kanilang baluti, at dahil sa kanilang pagkakakulay ng dugo.

8 At ito ay nangyari na, na ang mga hukbo ng mga Nephita, nang makita nila ang anyo ng hukbo ni Giddianhi, ay nangabuwal na lahat sa lupa, at pinaabot nila ang kanilang mga pagsusumamo sa Panginoon nilang Diyos, na sila ay kaawaan niya at sila ay iligtas mula sa kamay ng kanilang mga kaaway.

9 At ito ay nangyari na, nang makita ito ng mga hukbo ni Giddianhi ay nagsimula silang sumigaw sa malakas na tinig, dahil sa kanilang galak, sapagkat kanilang inakalang nangabuwal ang mga Nephita sa takot dahil sa sindak sa kanilang mga hukbo.

10 Subalit sa bagay na ito sila ay nabigo, sapagkat sila ay hindi kinatatakutan ng mga Nephita; kundi [a]kinatatakutan nila ang kanilang Diyos at nagsumamo sa kanya upang mapangalagaan; anupa't nang sila ay salakayin ng mga hukbo ni Giddianhi ay nakahanda silang harapin sila; oo, sa lakas ng Panginoon ay kanilang hinarap sila.

11 At ang digmaan ay nagsimula sa ikaanim na buwang ito; at kasindak-sindak at kakila-kilabot ang digmaang yaon, oo, kasindak-sindak at kakila-kilabot ang pagkakatay na yaon, kaya nga't wala pang nalalamang gayong kalaking pagkakatay sa lahat ng anak ni Lehi mula nang lisanin niya ang Jerusalem.

12 At sa kabila ng mga [a]pagbabanta at ng mga sumpang ginawa ni Giddianhi, masdan, sila ay nagapi ng mga Nephita, hanggang sa umurong sila mula sa kanilang harapan.

13 At ito ay nangyari na, na iniutos ni [a]Gidgiddoni na tugisin sila ng kanyang mga hukbo hanggang sa mga hangganan ng ilang, at na wala silang bubuhayin ni isa man sa mga babagsak sa kanilang mga kamay sa daan; at sa gayon nila tinugis sila at pinagpapatay sila, hanggang sa mga hangganan ng ilang, maging hanggang sa matupad nila ang kautusan ni Gidgiddoni.

14 At ito ay nangyari na, na si Giddianhi, na tumindig at nakipaglaban nang buong tapang, ay tinugis nang siya ay tumakas; at sanhi ng kapaguran dahil sa kanyang labis na pakikipaglaban siya ay naabutan at napatay. At gayon ang naging wakas ni Giddianhi, ang tulisan.

15 At ito ay nangyari na, na ang mga hukbo ng mga Nephita ay muling nagsibalik sa kanilang lugar ng dulugan. At ito ay nangyari na, na ang ikalabingsiyam na taong ito ay lumipas, at ang mga tulisan ay hindi na muling sumalakay pa upang

10*a* GBK Takot.
12*a* 3 Ne. 3:1–10.
13*a* 3 Ne. 3:18.

makidigma; ni hindi sila mu-
ling sumalakay sa ikadala-
wampung taon.
16 At sa ikadalawampu at
isang taon sila ay hindi huma-
yo upang makidigma, subalit
sila ay humayo sa lahat ng pa-
nig upang paligiran ang mga
tao ni Nephi; sapagkat inakala
nila na kapag inihiwalay nila
ang mga tao ni Nephi mula sa
kanilang mga lupain, at palili-
giran sila sa bawat panig, at
kung kanilang ihihiwalay sila
mula sa lahat ng kanilang pan-
labas na pribilehiyo, na maga-
gawa nilang pasukuin sila alin-
sunod sa kanilang mga naisin.
17 Ngayon, sila ay naghirang
para sa kanilang sarili ng ibang
pinuno, na nagngangalang Zem-
narihas; anupa't si Zemnarihas
ang nag-utos na ang pagpapa-
ligid na ito ay isagawa.
18 Subalit masdan, ito ay kala-
mangan para sa mga Nephita;
sapagkat hindi maaari para sa
mga tulisan ang pumaligid nang
gayong katagal upang magka-
roon ng anumang bisa sa mga
Nephita, dahil sa kanilang ma-
raming pagkain na kanilang
iniimbak,
19 At dahil sa kakulangan ng
mga pagkain sa mga tulisan;
sapagkat masdan, sila ay wala
ni anumang bagay maliban sa
karne para sa kanilang ikabu-
buhay, kung aling karne ay na-
kuha nila sa ilang;
20 At ito ay nangyari na, na
ang [a]mababangis na hayop ay
naging kakaunti sa ilang hang-
gang sa masasawi na sana ang
mga tulisan sa gutom.
21 At ang mga Nephita ay pa-
tuloy na humahayo sa araw at
gabi, at sinasalakay ang mga
hukbo nila, at pinapatay sila
nang libu-libo at mga sampu-
sampung libo.
22 At sa gayon naging hangad
ng mga tao ni Zemnarihas ang
umurong mula sa kanilang ba-
lak, dahil sa malaking pagka-
wasak na sumasapit sa kanila
sa araw at gabi.
23 At ito ay nangyari na, na si
Zemnarihas ay nagbigay-utos
sa kanyang mga tao na iurong
nila ang kanilang sarili mula sa
pagkapaligid, at humayo sa
mga pinakamalayong bahagi ng
lupaing kahilagaan.
24 At ngayon, dahil sa nalala-
man ni Gidgiddoni ang kani-
lang balak, at nalalaman ang
kanilang kahinaan dahil sa ka-
kulangan ng pagkain, at ang la-
bis na pagkakatay na nagawa
sa kanila, kaya nga ipinadala
niya ang kanyang mga hukbo
sa gabi, at hinarangan ang
daan ng kanyang pag-urong, at
inihimpil ang kanilang mga
hukbo sa daan ng kanilang
pag-urong.
25 At ito ay ginawa nila sa
gabi, at nagpatuloy sa kanilang
paghayo na inuunahan ang mga
tulisan, kung kaya't kinabuka-
san, nang simulan ng mga tuli-
san ang kanilang paghayo, sila
ay sinalubong ng mga hukbo ng
mga Nephita kapwa sa kanilang
harapan at sa kanilang likuran.

20*a* 1 Ne. 18:25.

26 At ang mga tulisan na nasa timog ay nahadlangan din sa kanilang mga lugar ng dulugan. At ang lahat ng bagay na ito ay naganap sa utos ni Gidgiddoni.
27 At maraming libo ang nagsuko ng kanilang sarili bilang mga bihag sa mga Nephita, at ang nalalabi sa kanila ay napatay.
28 At ang kanilang pinuno, na si Zemnarihas, ay dinakip at ibinigti sa punungkahoy, oo, maging sa tuktok niyon hanggang sa siya ay mamatay. At nang kanilang ibinigti siya hanggang sa siya'y mamatay ay pinabagsak nila ang punungkahoy sa lupa, at nagsisigaw sa malakas na tinig, sinasabing:
29 Nawa'y pangalagaan ng Panginoon ang kanyang mga tao sa kabutihan at sa kabanalan ng puso, upang magawa nilang pabagsakin sa lupa ang lahat ng maghahangad na patayin sila dahil sa kapangyarihan at lihim na pakikipagsabwatan, maging tulad ng pagbagsak ng lalaking ito sa lupa.
30 At sila ay nagsaya at muling nagsisigaw sa iisang tinig, sinasabing: Nawa'y ipagtanggol ng [a]Diyos ni Abraham, at ng Diyos ni Isaac, at ng Diyos ni Jacob, ang mga taong ito sa kabutihan, hangga't [b]nananawagan sila sa pangalan ng kanilang Diyos upang mapangalagaan.
31 At ito ay nangyari na, na sabay-sabay silang lahat na nagsimula, sa pag-awit, at sa [a]pagpuri sa kanilang Diyos dahil sa dakilang bagay na kanyang ginawa para sa kanila, sa pangangalaga sa kanila mula sa pagbagsak sa mga kamay ng kanilang mga kaaway.
32 Oo, nagsisigaw sila: [a]Hosana sa Kataas-taasang Diyos. At sila ay nagsisigaw: Purihin ang pangalan ng Panginoong Diyos na [b]Pinakamakapangyarihan, ang Kataas-taasang Diyos.
33 At ang kanilang mga puso ay nag-umapaw sa galak, hanggang sa pagtulo ng maraming luha, dahil sa dakilang kabutihan ng Diyos sa pagliligtas sa kanila mula sa mga kamay ng kanilang mga kaaway; at nalalaman nila na dahil sa kanilang pagsisisi at kanilang pagpapakumbaba kung kaya't naligtas sila mula sa walang hanggang pagkawasak.

## KABANATA 5

*Ang mga Nephita ay nagsisi at tinalikuran ang kanilang mga kasalanan—Isinulat ni Mormon ang kasaysayan ng kanyang mga tao at inihayag ang walang hanggang salita sa kanila—Ang Israel ay titipunin mula sa kanyang matagal na pagkakakalat. Mga* A.D. *22–26.*

1 At ngayon masdan, walang nabuhay na tao sa lahat ng tao ng mga Nephita na nag-alinlangan sa kaliit-liitang salita ng lahat ng banal na propeta na nagsalita;

30*a* Alma 29:11.
*b* Eter 4:15.
31*a* Alma 26:8.
GBK Salamat, Nagpapasalamat, Pasasalamat.
32*a* GBK Hosana.
*b* 1 Ne. 1:14.
GBK Diyos, Panguluhang Diyos.

sapagkat nalalaman nila na ta-
lagang kinakailangan na ang
mga ito ay matupad.
2 At nalalaman nila na tala-
gang kinakailangan na si Cristo
ay pumarito, dahil sa maraming
palatandaang ibinigay, alinsu-
nod sa mga salita ng mga pro-
peta; at dahil sa mga bagay na
nangyari na ay nalalaman nila
na talagang kinakailangang ma-
tupad ang lahat ng bagay alin-
sunod sa yaong nasabi na.
3 Anupa't tinalikuran nila ang
lahat ng kanilang kasalanan, at
ang kanilang mga karumal-du-
mal na gawain, at kanilang mga
pagpapatutot, at pinaglingku-
ran ang Diyos nang buong pag-
susumigasig sa araw at gabi.
4 At ngayon ito ay nangyari na,
nang madakip nila ang lahat ng
tulisan bilang mga bihag, kung
kaya't walang nakatakas na hin-
di napatay, itinapon nila ang ka-
nilang mga bihag sa bilangguan,
at pinapangyaring ipangaral
ang salita ng Diyos sa kanila; at
kasindami ng nagsisisi ng ka-
nilang mga kasalanan at naki-
pagtipan na sila ay hindi na
mamamaslang ng tao ay [a]pi-
nalaya.
5 Subalit kasindami ng hindi
nakipagtipan, at nagpatuloy pa
ring panatilihin ang mga lihim
na pagpaslang sa kanilang mga
puso, oo, kasindami ng natag-
puang nagbabanta ng masama
laban sa kanilang mga kapatid
ay hinatulan at pinarusahan
alinsunod sa batas.
6 At sa gayon nila winakasan
ang lahat ng yaong masama, at
lihim, at karumal-dumal na pa-
kikipagsabwatan, kung saan
ay labis na maraming kasama-
an, at napakaraming pagpas-
lang ang nagawa.
7 At sa gayon lumipas ang
[a]ikadalawampu at dalawang
taon, at ang ikadalawampu at
tatlong taon din, at ang ikada-
lawampu at apat, at ang ikada-
lawampu at lima; at sa gayon
lumipas ang ikadalawampu at
limang taon.
8 At maraming bagay ang
nangyari, na sa paningin ng
ilan, ay dakila at kagila-gilalas;
gayon pa man, ang mga ito ay
hindi maaaring isulat na lahat
sa aklat na ito; oo, ang aklat na
ito ay hindi maaaring magla-
man ng kahit na [a]ika-isandaang
bahagi ng nagawa sa napaka-
raming tao sa loob ng dala-
wampu at limang taon;
9 Subalit masdan may mga
[a]talaang naglalaman ng lahat
ng pangyayari sa mga taong
ito; at isang mas maikli subalit
makatotohanang ulat ang ibi-
nigay ni Nephi.
10 Anupa't ginawa ko ang
aking talaan ng mga bagay na
ito ayon sa talaan ni Nephi, na
nauukit sa mga laminang tina-
tawag na mga lamina ni Nephi.
11 At masdan, ginagawa ko
ang talaan sa mga laminang
aking ginawa sa pamamagitan
ng sarili kong mga kamay.
12 At masdan, ako ay tinata-

**5** 4*a* GBK Malaya, Kalayaan.
7*a* 3 Ne. 2:8.
8*a* 3 Ne. 26:6–12.
9*a* Hel. 3:13–15.

wag na [a]Mormon, na tinawag
alinsunod sa [b]lupain ng Mor-
mon, ang lupain kung saan iti-
natag ni Alma ang simbahan sa
mga tao, oo, ang unang simba-
hang itinatag sa kanila mata-
pos ang kanilang pagkakasala.
13 Masdan, ako ay disipulo ni
Jesucristo, ang Anak ng Diyos.
Ako ay tinawag niya na ipaha-
yag ang kanyang mga salita sa
kanyang mga tao, upang mag-
karoon sila ng buhay na wa-
lang hanggan.
14 At kinakailangan na ako,
alinsunod sa kalooban ng Diyos,
nang ang mga panalangin ng
mga yaong pumanaw na, na
mga banal, ay matupad alinsu-
nod sa kanilang pananampala-
taya, ay gumawa ng [a]talaan ng
mga bagay na ito na naganap—
15 Oo, isang maliit na talaan
ng yaong naganap mula sa pa-
nahong lisanin ni Lehi ang Je-
rusalem, maging hanggang sa
panahong kasalukuyan.
16 Anupa't ginagawa ko ang
aking talaan mula sa mga ulat
na ibinigay ng mga yaong nau-
na sa akin, hanggang sa pagsi-
simula ng aking araw;
17 At pagkatapos ako ay ga-
gawa ng [a]talaan ng mga bagay
na aking nakita ng aking sari-
ling mga mata.
18 At nalalaman ko na ang tala-
ang aking ginagawa ay makata-
rungan at totoong talaan; gayon
pa man maraming bagay ang,
alinsunod sa aming wika, ay
hindi namin nagawang [a]isulat.
19 At ngayon tinatapos ko ang
aking sinasabi, na tungkol sa
aking sarili, at magpapatuloy
na magbigay ng aking ulat ng
mga bagay na nangyari na bago
pa sa akin.
20 Ako si Mormon, at tunay
na inapo ni Lehi. May dahilan
ako na purihin ang aking Diyos
at aking Tagapagligtas na si
Jesucristo, na dinala niya ang
aming mga ama palabas ng lu-
pain ng Jerusalem, (at [a]walang
nakaalam nito maliban sa kan-
yang sarili at ang mga yaong
inilabas niya mula sa lupaing
yaon) at kanyang binigyan ako
at ang aking mga tao ng labis
na kaalaman tungo sa kaligta-
san ng aming mga kaluluwa.
21 Tunay na pinagpala niya
ang [a]sambahayan ni [b]Jacob, at
naging [c]maawain sa mga binhi
ni Jose.
22 At [a]habang sinusunod ng
mga anak ni Lehi ang kanyang
mga kautusan ay kanyang pi-
nagpala sila at pinaunlad sila
alinsunod sa kanyang mga sa-
lita.
23 Oo, at tunay na muli siyang
magdadala ng [a]labi ng mga
binhi ni Jose sa [b]kaalaman ng
Panginoon nilang Diyos.
24 At tunay na yamang buhay
ang Panginoon, ay [a]titipunin
niya mula sa apat na sulok ng
mundo ang lahat ng labi ng

12*a* Morm. 1:1–5.
*b* Mos. 18:4; Alma 5:3.
14*a* Enos 1:13–18;
D at T 3:19–20.
17*a* Morm. 1:1.
18*a* Eter 12:25.
20*a* 1 Ne. 4:36.
21*a* GBK Israel.
*b* Gen. 32:28.
*c* Deut. 33:13–17.
22*a* 2 Ne. 1:20.
23*a* Alma 46:24.
*b* 2 Ne. 3:12.
24*a* GBK Israel—Ang
pagtitipon ng Israel.

mga binhi ni Jacob, na nakaka-
lat sa balat ng lupa.
25 At tulad nang pakikipagti-
pan niya sa buong sambahayan
ni Jacob, gayon din ang tipang
ipinakipagtipan niya sa samba-
hayan ni Jacob ay matutupad sa
kanyang sariling takdang pana-
hon, tungo sa [a]pagpapanumba-
lik ng buong sambahayan ni
Jacob sa kaalaman ng tipang
ipinakipagtipan niya sa kanila.
26 At doon nila [a]makikilala
ang kanilang Manunubos, na si
Jesucristo, ang Anak ng Diyos;
at doon sila titipunin mula sa
apat na sulok ng mundo sa ka-
nilang sariling mga lupain,
kung saan sila ikinalat; oo, ya-
mang buhay ang Panginoon ay
gayon nga ito. Amen.

## KABANATA 6

*Ang mga Nephita ay umunlad—Nagsimula ang kapalaluan, pagyaman, at pagtatangi sa mga tao—Ang simbahan ay nahati ng mga pagtitiwalag—Pinamunuan ni Satanas ang mga tao sa hayagang paghihimagsik—Maraming propeta ang nangaral ng pagsisisi at pinatay—Ang mga pumaslang sa kanila ay nakipagsabwatan na pabagsakin ang pamahalaan. Mga A.D. 26–30.*

AT ito ay nangyari na, na ang
mga tao ng mga Nephita ay
nagsibalik na lahat sa kanilang
sariling mga lupain sa ikadala-
wampu at anim na taon, bawat
lalaki, kasama ang kanyang
mag-anak, kanyang mga tupa-
han at kanyang mga bakahan,
kanyang mga kabayo at kanyang
mga baka, at lahat ng bagay na
pag-aari nila.
2 At ito ay nangyari na, na
hindi nila naubos ang lahat ng
kanilang pagkain; kaya nga di-
nala nila ang lahat ng hindi nila
nakain, ang lahat ng kanilang
butil ng bawat uri, at kanilang
ginto, at kanilang pilak, at la-
hat ng kanilang mahalagang
bagay, at sila ay bumalik sa ka-
nilang sariling mga lupain at
kanilang mga pag-aari, kapwa
sa hilaga at sa timog, kapwa sa
lupaing kahilagaan at sa lupa-
ing katimugan.
3 At pinagkalooban nila ang
mga tulisang yaon na mga
nakipagtipan na pananatilihin
ang kapayapaan ng lupain, na
nagnanais na manatiling mga
Lamanita, ng mga lupain, alin-
sunod sa kanilang bilang, upang
sila ay magkaroon, sa pama-
magitan ng kanilang mga pag-
papagal, nang kanilang ikabu-
buhay; at sa gayon nila naita-
tag ang kapayapaan sa buong
lupain.
4 At muli silang nagsimulang
umunlad at maging makapang-
yarihan; at ang ikadalawampu
at anim at pitong taon ay lumi-
pas, at nagkaroon ng malawa-
kang kaayusan sa lupain; at bi-
nuo nila ang kanilang mga batas
alinsunod sa pagkakapantay-
pantay at katarungan.
5 At ngayon walang anumang
bagay sa buong lupain ang ma-

25a 3 Ne. 16:5.
26a 2 Ne. 30:5–8; 3 Ne. 20:29–34.

kapipigil sa mga tao mula sa
patuloy na pag-unlad, maliban
kung mahuhulog sila sa pagla-
bag.
6 At ngayon, si Gidgiddoni,
at ang hukom na si Laconeo, at
yaong mga naatasang maging
pinuno, ang mga nagtatag ng
malawakang kapayapaang ito sa
lupain.
7 At ito ay nangyari na, na ma-
raming lunsod ang itinayong
muli, at maraming lumang lun-
sod ang inayos.
8 At maraming lansangang-
bayan ang itinayo, at mara-
ming daan ang ginawa, na nag-
uugnay nang lunsod sa lunsod,
at lupain sa lupain, at lugar sa
lugar.
9 At sa gayon lumipas ang
ikadalawampu at walong taon,
at ang mga tao ay nagkaroon
ng patuloy na kapayapaan.
10 Subalit ito ay nangyari na,
na sa ikadalawampu at siyam
na taon ay nagsimulang mag-
karoon ng ilang pagtatalu-talo
sa mga tao; at ang ilan ay inia-
ngat sa [a]kapalaluan at mga
pagmamalaki dahil sa labis-
labis nilang kayamanan, oo, ma-
ging hanggang sa masidhing
pag-uusig;
11 Sapagkat marami ang ma-
ngangalakal sa lupain, at marami
ring manananggol, at maraming
pinuno.
12 At ang mga tao ay nagsimu-
lang makilala sa pamamagitan
ng mga katayuan sa buhay, alin-
sunod sa kanilang [a]yaman at
kanilang mga pagkakataon sa
karunungan; oo, ang iba ay
mangmang dahil sa kanilang
kahirapan, at ang iba ay naka-
tanggap ng malawak na karu-
nungan dahil sa kanilang kaya-
manan.
13 Ang ilan ay iniangat sa ka-
palaluan, at ang iba ay labis
ang pagkamababang-loob; ang
iba ay nagdadaingan, habang
ang iba ay tumatanggap ng da-
ing at [a]pag-uusig at lahat ng uri
ng paghihirap, at hindi gaganti
at muling [b]hahamak pa, kundi
naging mapagkumbaba at nag-
sisisi sa harapan ng Diyos.
14 At sa gayon nagkaroon ng
malawakang di pagkakapan-
tay-pantay sa buong lupain,
hanggang sa nagsimulang ma-
hati ang simbahan; oo, hang-
gang sa nang sumapit ang ika-
tatlumpung taon ay nahati ang
simbahan sa buong lupain ma-
liban sa ilan-ilan sa mga Lama-
nita na nagbalik-loob sa totoong
pananampalataya; at ayaw ni-
lang iwanan ito, sapagkat sila ay
matitibay, at matatatag, at di
matitinag, bukal sa loob nang
may buong [a]pagsusumigasig
sa pagsunod sa mga kautusan
ng Panginoon.
15 Ngayon, ang dahilan ng ka-
samaang ito ng mga tao ay ito—
Si Satanas ay may malakas na
kapangyarihan, sa pag-uudyok
sa mga tao na gumawa ng lahat
ng uri ng kasamaan, at sa pag-

**6** 10*a* GBK Kapalaluan.
12*a* 1 Tim. 6:17–19;
Hel. 4:12.
13*a* GBK Usigin,
Pag-uusig.
*b* Mat. 5:39;
4 Ne. 1:34;
D at T 98:23–25.
14*a* GBK Kasigasigan.

aangat sa kanila sa kapalaluan,
tinutukso sila na maghangad
ng kapangyarihan, at karapa-
tan, at mga kayamanan, at ng
mga walang kabuluhang ba-
gay ng daigdig.
16 At sa gayon inakay palayo
ni Satanas ang mga puso ng
mga tao na gumawa ng lahat
ng uri ng kasamaan; kaya nga,
sila ay nakatamasa ng kapaya-
paan sa loob ng iilang taon.
17 At sa gayon, sa pagsisimula
ng ikatatlumpung taon—ang
mga tao, matapos hayaang ma-
tangay sa loob ng mahabang
panahon ng mga [a]tukso ng di-
yablo kung saan niya nais na
dalhin sila, at gawin ang anu-
mang kasamaang nais niyang
gawin nila—at sa gayon sa
pagsisimula nito, ang ikatat-
lumpung taon, sila ay nasa ka-
lagayan ng kakila-kilabot na
kasamaan.
18 Ngayon sila ay hindi nagka-
sala sa [a]kamangmangan, sapag-
kat nalalaman nila ang kalooban
ng Diyos hinggil sa kanila, sa-
pagkat ito ay naituro sa kanila;
anupa't sila ay hayagang [b]nag-
himagsik laban sa Diyos.
19 At ngayon, ito ay sa mga
araw ni Laconeo, na anak na la-
laki ni Laconeo, sapagkat si La-
coneo ang humalili sa luklukan
ng kanyang ama at pinamahala-
an ang mga tao sa taong yaon.
20 At nagsimulang magkaro-
on ng mga taong [a]kinakasihan
mula sa langit at isinugo, tu-
matayo sa mga tao sa buong lu-
pain, nangangaral at pinatoto-
tohanan nang buong tapang
ang mga kasalanan at kasama-
an ng mga tao, at pinatototoha-
nan sa kanila ang hinggil sa
pagtubos na gagawin ng Pa-
nginoon para sa kanyang mga
tao, o sa ibang salita, ang pag-
kabuhay na mag-uli ni Cristo;
at buong tapang na pinatototo-
hanan nila ang kanyang [b]kama-
tayan at mga pagdurusa.
21 Ngayon marami sa mga tao
ang labis na nagalit dahil sa mga
yaong nagpapatotoo sa mga
bagay na ito; at ang mga yaong
nagagalit ay karamihang mga
punong hukom, at sila na [a]na-
ging matataas na saserdote at
mga manananggol; oo, ang la-
hat ng yaong manananggol ay
nagalit sa mga yaong nagpapa-
totoo sa mga bagay na ito.
22 Ngayon walang mana-
nanggol ni hukom o mataas na
saserdote man ang may kapang-
yarihang hatulan ang sinuman
ng kamatayan maliban kung
ang kanilang pagkakahatol ay
nilagdaan ng gobernador ng
lupain.
23 Ngayon marami sa mga ya-
ong nagpatotoo ng mga bagay
hinggil kay Cristo na nagpa-
totoo nang buong tapang, ang
dinakip at ipinapatay nang li-
him ng mga hukom, kung ka-
ya't ang kaalaman ng kanilang

17*a* GBK Tukso, Panunukso.
18*a* Mos. 3:11.
*b* GBK Paghihimagsik.
20*a* GBK Inspirasyon; Propeta.
*b* GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala; Pagpapako sa Krus.
21*a* D at T 121:36–37. GBK Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan.

kamatayan ay hindi nakarating
sa gobernador ng lupain hang-
gang sa kanilang kamatayan.
24 Ngayon masdan, ito ay sa-
lungat sa mga batas ng lupain,
na ang sinumang tao ay pata-
yin maliban kung sila ay may
kapangyarihan mula sa gober-
nador ng lupain—
25 Kaya nga isang karaingan
ang idinulog sa lupain ng Zara-
hemla, sa gobernador ng lupain,
laban sa mga hukom na ito na
humatol ng kamatayan sa mga
propeta ng Panginoon, nang
hindi naaalinsunod sa batas.
26 Ngayon ito ay nangyari na,
na sila ay dinakip at dinala sa
harapan ng hukom, upang ha-
tulan sa mabibigat na pagkaka-
salang kanilang nagawa, alin-
sunod sa [a]batas na ibinigay ng
mga tao.
27 Ngayon ito ay nangyari na,
na ang mga hukom na yaon ay
maraming kaibigan at kaanak;
at ang nalalabi, oo, maging ha-
los lahat ng mananaggol at ma-
tataas na saserdote, ay sama-
samang tinipon ang kanilang
sarili, at nakiisa sa mga kaanak
ng mga hukom na yaon na ha-
hatulan alinsunod sa batas.
28 At sila ay nakipagtipan sa
isa't isa, oo, maging sa yaong
[a]tipan na ibinigay nila noong
sinauna, kung aling tipan ay ibi-
nigay at pinamahalaan ng [b]di-
yablo, na magkaisa laban sa la-
hat ng kabutihan.
29 Anupa't sila ay nagkaisa la-
ban sa mga tao ng Panginoon,
at nakipagtipang lipulin sila, at
palayain ang mga yaong nag-
kasala ng pagpaslang mula sa
pagkakagapos ng katarungan,
na ipapataw na sana alinsunod
sa batas.
30 At nilabag nila ang batas at
mga karapatan ng kanilang ba-
yan; at nakipagtipan sila sa isa't
isa na patayin ang gobernador,
at magluklok ng isang [a]hari sa
lupain, upang ang lupain ay
hindi na maging malaya kundi
mapapasailalim sa mga hari.

## KABANATA 7

*Ang punong hukom ay pinaslang, ang pamahalaan ay nawasak, at ang mga tao ay nahati-hati sa mga lipi—Si Jacob, isang anti-Cristo, ay naging hari ng lihim na pagsasabwatan—Si Nephi ay nangaral ng pagsisisi at pananampalataya kay Cristo—Ang mga anghel ay araw-araw na naglingkod sa kanya, at binuhay niya ang kanyang kapatid mula sa patay—Marami ang nagsisi at nagpabinyag. Mga A.D. 30–33.*

Ngayon masdan, ipakikita ko
sa inyo na hindi sila nakapag-
luklok ng hari sa lupain; subalit
sa taon ding ito, oo, sa ikatat-
lumpung taon, sila ay pumatay
sa hukumang-luklukan, oo, pi-
naslang ang punong hukom ng
lupain.
2 At ang mga tao ay nahati la-

26*a* Mos. 29:25; Alma 1:14.
28*a* GBK Lihim na Pagsasabwatan, Mga.
*b* Hel. 6:26–30.
30*a* 1 Sam. 8:5–7; Alma 51:5.

ban sa isa't isa; at naghiwa-
hiwalay sila sa isa't isa sa mga
lipi, ang bawat lalaki alinsu-
nod sa kanyang mag-anak at
kanyang mga kaanak at kaibi-
gan; at sa gayon nila nawasak
ang pamahalaan ng lupain.
3 At ang bawat lipi ay naghi-
rang ng isang puno o isang pi-
nuno sa kanila; at sa gayon sila
naging mga lipi at mga pinuno
ng mga lipi.
4 Ngayon masdan, walang
sinuman sa kanila maliban kung
marami siyang mag-anak at ma-
raming kaanak at kaibigan; kaya
nga, ang kanilang mga lipi ay
naging napakalaki.
5 Ngayon, ang lahat ng ito ay
naganap, at wala pang mga
digmaan sa kanila; at ang lahat
ng kasamaang ito ay sumapit
sa mga tao dahil sa sila ay [a]nag-
pasailalim sa kapangyarihan ni
Satanas.
6 At ang mga pamamalakad ng
pamahalaan ay nawasak, dahil
sa [a]lihim na pakikipagsabwatan
ng mga kaibigan at kaanak ng
mga yaong pumaslang sa mga
propeta.
7 At sila ay naging dahilan ng
malaking alitan sa lupain, hang-
gang sa ang higit na mabubu-
ting bahagi ng mga tao ay halos
malapit nang maging masa-
mang lahat; oo, may iilang ma-
bubuting tao sa kanila.
8 At sa gayon hindi pa nakali-
lipas ang anim na taon mula
nang ang nakahihigit na baha-
gi ng mga tao ay tumalikod
mula sa kanilang kabutihan, tu-
lad ng aso sa kanyang [a]suka, o
tulad ng baboy sa kanyang pag-
lulublob sa putik.
9 Ngayon, ang mga lihim na
nakipagsabwatang ito, na nag-
dala ng labis na kasamaan sa
mga tao, ay magkakasamang
tinipon ang kanilang sarili, at
naghirang ng isang pinuno sa
kanila na isang lalaking tina-
wag nilang Jacob;
10 At siya ay tinawag nilang
kanilang hari; anupa't siya ay
naging hari sa masamang
pangkat na ito; at isa siya sa
mga pinakakilalang nagpaha-
yag ng kanyang tinig laban sa
mga propeta na nagpatotoo kay
Jesus.
11 At ito ay nangyari na, na
hindi sila nakararami sa bilang
tulad ng mga lipi ng mga tao na
nagkakaisa maliban sa ang kani-
lang mga pinuno ang nagpapa-
tupad ng kanilang mga batas,
ang bawat isa alinsunod sa kan-
yang lipi; gayon pa man, sila ay
magkakaaway; sa kabila ng hin-
di sila mabubuting tao, gayon
man nagkakaisa sila sa pagka-
poot sa mga yaong nakipagti-
pang wasakin ang pamahalaan.
12 Samakatwid, si Jacob na
nakikitang higit na nakararami
ang kanilang mga kaaway kay-
sa sa kanila, siya bilang hari
ng pangkat, kaya nga inutusan
niya ang kanyang mga tao na
tumakas sila patungo sa pina-
kahilagang bahagi ng lupain,
at doon magtayo sa kanilang

**7** 5*a* Rom. 6:13–16; Alma 10:25.
6*a* 2 Ne. 9:9.
8*a* Kaw. 26:11; 2 Ped. 2:22.

sarili ng isang [a]kaharian, hanggang sa umanib sa kanila ang mga tumiwalag, (sapagkat kanyang nilinlang sila na magkakaroon ng maraming magsisitiwalag) at magiging sapat ang kanilang lakas upang makipaglaban sa mga lipi ng mga tao; at ginawa nga nila ito.
13 At napakabilis ng kanilang paghayo kung kaya't hindi ito nahadlangan kung kaya nga't hindi na sila naabutan pa ng mga tao. At sa gayon nagtapos ang ikatatlumpung taon; at gayon ang mga pangyayari sa mga tao ni Nephi.
14 At ito ay nangyari na, na sa ikatatlumpu at isang taon na sila ay nahati sa mga lipi, ang bawat lalaki alinsunod sa kanyang mag-anak, kaanak at mga kaibigan; gayon pa man, sila ay nagkasundo na hindi sila makikidigma sa isa't isa; subalit hindi sila nagkakaisa sa kanilang mga batas, at sa kanilang uri ng pamahalaan, sapagkat ang mga ito ay pinagtibay alinsunod sa pag-iisip ng yaong kanilang mga puno at kanilang mga pinuno. Subalit sila ay nagpatupad ng napakahihigpit na batas na ang isang lipi ay hindi magkakasala laban sa iba, kaya nga't nagkaroon sila ng kaunting kapayapaan sa lupain; gayon pa man, ang kanilang mga puso ay tumalikod mula sa Panginoon nilang Diyos, at pinagbabato nila ang mga propeta at itinaboy sila mula sa kanila.
15 At ito ay nangyari na, na si [a]Nephi—na dinadalaw ng mga anghel at gayon din ng tinig ng Panginoon, kaya nga dahil sa nakakita ng mga anghel, at naging saksi, at may kapangyarihang ipinagkaloob sa kanya na malaman niya ang hinggil sa ministeryo ni Cristo, at saksi rin sa kanilang mabilis na pagbalik mula sa kabutihan sa kanilang kasamaan at mga karumal-dumal na gawain;
16 Samakatwid, dahil sa pagdadalamhati sanhi ng katigasan ng kanilang mga puso at pagkabulag ng kanilang mga pag-iisip—ay humayo sa kanila sa taon ding yaon, at nagsimulang magpatotoo, nang buong tapang, ng pagsisisi at kapatawaran ng mga kasalanan sa pamamagitan ng pananampalataya sa Panginoong Jesucristo.
17 At siya ay nangaral ng maraming bagay sa kanila; at lahat ng ito ay hindi maaaring isulat, at ang isang bahagi ng mga ito ay hindi makasasapat, kaya nga, ang mga ito ay hindi nasusulat sa aklat na ito. At si Nephi ay nangaral nang may [a]kapangyarihan at dakilang karapatan.
18 At ito ay nangyari na, na sila ay nagalit sa kanya, maging dahil sa nakahihigit ang kanyang kapangyarihan kaysa sa kanila, sapagkat [a]hindi maaaring hindi nila paniwalaan ang kanyang mga salita, sapagkat napakalaki ng kanyang pananampalataya sa Panginoong Jesucristo na

12*a* 3 Ne. 6:30.
15*a* 3 Ne. 1:2.
17*a* GBK Kapangyarihan.
18*a* 2 Ne. 33:1; Alma 4:19.

naglilingkod ang mga anghel
sa kanya sa araw-araw.
19 At sa pangalan ni Jesus siya
ay nagpapalayas ng mga di-
yablo at [a]masasamang espiritu;
at maging ang kanyang kapa-
tid na lalaki ay binuhay niya
mula sa pagkamatay, matapos
siyang pagbabatuhin at nagda-
nas ng kamatayan sa mga tao.
20 At nakita ito ng mga tao, at
nakasaksi rito, at nagalit sa kan-
ya dahil sa kanyang kapangya-
rihan; at gumawa rin siya ng
[a]marami pang mga himala, sa
paningin ng mga tao, sa panga-
lan ni Jesus.
21 At ito ay nangyari na, na
lumipas ang ikatatlumpu at
isang taon, at kakaunti lamang
ang nagbalik-loob sa Pangino-
on; subalit kasindami ng nag-
balik-loob ay tunay na ipinakita
sa mga tao na sila ay dinalaw ng
kapangyarihan at Espiritu ng
Diyos, na na kay Jesucristo, kung
kanino sila ay naniniwala.
22 At kasindami ng may mga
diyablong napalayas mula sa
kanila, at napagaling mula sa
kanilang mga karamdaman at
kanilang mga sakit, ay tunay
na nagpahayag sa mga tao na
sila ay binunsuran ng Espiritu
ng Diyos, at mga napagaling;
at nagpakita rin sila ng mga pa-
latandaan at gumawa ng ilang
himala sa mga tao.
23 Sa gayon din lumipas ang
ikatatlumpu at dalawang taon.
At si Nephi ay nangaral sa mga
tao sa pagsisimula ng ikatat-
lumpu at tatlong taon; at siya
ay nangaral sa kanila ng pagsi-
sisi at kapatawaran ng mga ka-
salanan.
24 Ngayon nais kong tandaan
din ninyo, na walang sinumang
nagsisi ang hindi [a]nabinyagan
sa tubig.
25 Anupa't may mga inorde-
nan si Nephi na mga lalaki sa
ministeryong ito, upang ang la-
hat ng yaong lalapit sa kanila
ay mabinyagan sa tubig, at ito
ay bilang saksi at patotoo sa
harapan ng Diyos, at sa mga
tao, na sila ay nagsipagsisi at
nakatanggap ng [a]kapatawaran
ng kanilang mga kasalanan.
26 At marami sa pagsisimula
ng taong ito ang nabinyagan
tungo sa pagsisisi; at sa gayon
lumipas ang malaking bahagi
ng taon.

## KABANATA 8

*Mga unos, lindol, apoy, buhawi, at pagkakagulo ng kalikasan ay nagpatunay sa pagkakapako kay Cristo—Maraming tao ang nalipol—Kadiliman ang lumukob sa lupain sa loob ng tatlong araw—Ang mga nalabi ay nagdalamhati sa kanilang sinapit. Mga A.D. 33–34.*

At ngayon ito ay nangyari na, na sang-ayon sa aming talaan, at alam namin na ang aming talaan ay totoo, sapagkat masdan, isang matwid na tao ang nag-ingat ng talaan—sapagkat tunay na siya ay gumawa ng

19*a* GBK Espiritu—Masasamang espiritu.
20*a* 3 Ne. 8:1.
24*a* GBK Pagbibinyag, Binyagan.
25*a* D at T 20:37. GBK Kapatawaran ng mga Kasalanan.

maraming [a]himala sa [b]panga-
lan ni Jesus; at walang sinu-
mang tao ang makagagawa ng
himala sa pangalan ni Jesus
maliban kung siya ay malinis
sa bawat kaliit-liitang kasama-
an niya—
2 At ngayon ito ay nangyari
na, na kung walang nagawang
pagkakamali ang taong ito sa
pagbilang ng aming panahon,
ang [a]ikatatlumpu at tatlong taon
ay nakalipas na;
3 At ang mga tao ay nagsimu-
lang umasa nang buong taimtim
sa mga palatandaang ibinigay
ng propetang si Samuel, ang
Lamanita, oo, sa panahong mag-
kakaroon ng [a]kadiliman sa loob
ng tatlong araw sa ibabaw ng lu-
pain.
4 At nagsimulang magkaroon
ng malaking pag-aalinlangan at
pagtatalo sa mga tao, sa kabila
ng maraming [a]palatandaang na-
ibigay na.
5 At ito ay nangyari na, na
sa ikatatlumpu at apat na taon,
sa unang buwan, sa ikaapat na
araw ng buwan, ay nagkaroon
ng isang malakas na bagyo, na
hindi pa kailanman naranasan
sa buong lupain.
6 At nagkaroon din ng isang
malakas at kakila-kilabot na
unos; at nagkaroon ng kakila-ki-
labot na [a]kulog, kung kaya nga't
[b]niyanig nito ang buong lupa
na parang ito ay mabibiyak.
7 At nagkaroon ng lubhang
matatalim na kidlat, na hindi
pa kailanman nakita sa buong
lupain.
8 At ang [a]lunsod ng Zarahemla
ay nag-apoy.
9 At ang lunsod ng Moroni ay
lumubog sa kailaliman ng da-
gat, at ang mga naninirahan
doon ay nangalunod.
10 At ang lupa sa lunsod ng
Moronihas ay tumaas, kung ka-
ya't sa kinalalagyan ng lunsod
ay nagkaroon ng isang mala-
king bundok.
11 At nagkaroon ng isang ma-
laki at kakila-kilabot na pagka-
wasak sa lupaing patimog.
12 Subalit masdan, mayroon
pang higit na malaki at kakila-
kilabot na pagkawasak sa lupa-
ing pahilaga; sapagkat masdan,
ang ibabaw ng buong lupain ay
nabago, dahil sa unos at mga
buhawi, at mga pagkulog at
pagkidlat, at sa labis na lakas
ng pagyanig ng buong lupa;
13 At ang mga [a]lansangang-
bayan ay nangawasak, at ang
mga pantay na daan ay nasira,
at maraming patag na lugar
ang naging baku-bako.
14 At maraming malaki at ki-
lalang lunsod ang [a]lumubog, at
marami ang nasunog, at marami
ang nayanig hanggang sa ang
mga gusali roon ay bumagsak
sa lupa, at ang mga naninira-
han doon ay nangamatay, at

**8** 1*a* 3 Ne. 7:19–20; Morm. 9:18–19.
*b* Gawa 3:6; Jac. 4:6.
2*a* 3 Ne. 2:8.
3*a* 1 Ne. 19:10; Hel. 14:20, 27; 3 Ne. 10:9.
4*a* GBK Pagpapako sa Krus.
6*a* 1 Ne. 19:11; Hel. 14:21.
*b* Mat. 27:45, 50–51.
8*a* 4 Ne. 1:7–8.
13*a* Hel. 14:24; 3 Ne. 6:8.
14*a* 1 Ne. 12:4.

ang mga pook ay naiwang ma-
panglaw.
15 At may mga lunsod na
natira; subalit ang kapinsalaan
niyon ay lubhang malaki, at
marami sa mga naroon ang na-
ngamatay.
16 At may ilang tinangay ng
buhawi; at kung saan man sila
naparoon ay walang taong na-
kaaalam, maliban sa alam nila
na sila ay tinangay.
17 At sa gayon ang ibabaw ng
buong lupain ay naiba ang hu-
gis, dahil sa mga unos, at sa
mga pagkulog, at sa mga pag-
kidlat, at sa pagyanig ng lupa.
18 At masdan, ang mga [a]bato
ay nahati sa dalawa; ang mga
yaon ay nangabiyak sa ibabaw
ng buong lupain, kung kaya ang
mga yaon ay natagpuang pira-
piraso, at mga bitak at mga pu-
tok, sa ibabaw ng buong lupain.
19 At ito ay nangyari na, nang
ang mga pagkulog, at ang mga
pagkidlat, at ang bagyo, at ang
unos, at ang mga pagyanig ng
lupa ay tumigil—sapagkat mas-
dan, ang mga ito ay tumagal sa
loob ng mga [a]tatlong oras; at
ang wika ng ilan ang oras ay hi-
git pa roon; gayunman, lahat
ng kasindak-sindak at kakila-
kilabot na bagay na ito ay naga-
nap sa loob ng mga tatlong
oras—at pagkatapos masdan,
nagkaroon ng kadiliman sa
ibabaw ng lupain.
20 At ito ay nangyari na, na
nagkaroon ng makapal na ka-
diliman sa ibabaw ng buong
lupain, kung kaya't ang mga
naninirahan doon na hindi na-
pabagsak ay [a]nadama ang
[b]ulap ng kadiliman;
21 At hindi maaaring magka-
roon ng liwanag, dahil sa kadi-
liman, ni mga kandila, ni mga
sulo; ni hindi makapagsindi ng
apoy sa pamamagitan ng kani-
lang mga napakainam at lub-
hang tuyong kahoy, kung kaya't
hindi maaaring magkaroon ng
anupamang liwanag.
22 At walang anupamang liwa-
nag na nakita, ni apoy, ni kislap,
ni ang araw, ni ang buwan, ni
ang mga bituin, sapagkat lub-
hang napakakapal ng abu-abo
ng kadiliman na nasa ibabaw
ng lupain.
23 At ito ay nangyari na, na tu-
magal sa loob ng [a]tatlong araw
na walang liwanag na nakita; at
nagkaroon ng matinding pagda-
dalamhati at hagulgol at pagta-
ngis sa mga tao nang walang
humpay; oo, matindi ang pag-
hihinagpis ng mga tao, dahil sa
kadiliman at malaking pagka-
wasak na sumapit sa kanila.
24 At sa isang dako sila ay nari-
nig na sumisigaw, sinasabing: O
kung kami ay nagsisisi bago su-
mapit itong kasindak-sindak at
kakila-kilabot na araw, disin
sana ang aming mga kapatid
ay naligtas, at sila ay hindi sana
nasunog sa yaong dakilang
lunsod ng [a]Zarahemla.
25 At sa iba pang dako sila ay
narinig na sumisigaw at nagda-
dalamhati, sinasabing: O kung

18*a* Hel. 14:21–22.
19*a* Lu. 23:44.
20*a* Ex. 10:21–22.
*b* 1 Ne. 12:5; 19:11.
23*a* 1 Ne. 19:10.
24*a* Hel. 13:12.

kami ay nagsisi bago sumapit itong kasindak-sindak at kakila-kilabot na araw, at hindi pinatay at binato ang mga propeta, at itinaboy sila; disin sana ang aming mga ina at aming magagandang anak na babae, at aming mga anak ay naligtas, at hindi natabunan sa yaong dakilang lunsod ng Moronihas. At gayon ang hagulgulan ng mga tao, matindi at kakilakilabot.

## KABANATA 9

*Sa kadiliman, inihayag ng tinig ni Cristo ang pagkawasak ng maraming tao at lunsod dahil sa kanilang kasamaan—Inihayag din niya ang kanyang pagka-Diyos, ipinaalam na ang mga batas ni Moises ay natupad na, at inanyayahang lumapit ang mga tao sa kanya at maligtas. Mga* A.D. *34.*

AT ito ay nangyari na, na may
[a]tinig na narinig sa lahat ng naninirahan sa lupain, sa ibabaw ng buong lupaing ito, na nagpapahayag:
2 Sa aba, sa aba, sa aba sa mga
taong ito; sa [a]aba sa mga naninirahan sa buong mundo maliban kung sila ay magsisisi; sapagkat ang diyablo ay [b]humahalakhak, at ang kanyang mga anghel ay nagsasaya, dahil sa mga napatay sa kaaya-ayang mga anak na lalaki't babae ng aking mga tao; at dahil sa kanilang kasamaan at mga karumal-dumal na gawain kung kaya't sila ay bumagsak!
3 Masdan, ang dakilang lunsod
ng Zarahemla ay sinunog ko ng apoy, at ang mga naninirahan doon.
4 At masdan, ang dakilang lun-
sod ng Moroni ay pinapangyari kong lumubog sa kailaliman ng dagat, at ang mga naninirahan doon na mangalunod.
5 At masdan, ang dakilang
lunsod ng Moronihas ay tinabunan ko ng lupa, at ang mga naninirahan doon, upang itago ang kanilang mga kasamaan at kanilang mga karumal-dumal na gawain mula sa aking harapan, upang ang dugo ng mga propeta at ng mga banal ay hindi na sasaksi sa akin laban sa kanila.
6 At masdan, ang lunsod ng
Gilgal ay pinapangyari kong lumubog, at ang mga naninirahan doon na malibing sa kailaliman ng lupa;
7 Oo, at ang lunsod ng Oni-
has at ang mga naninirahan doon, at ang lunsod ng Mocum at ang mga naninirahan doon, at ang lunsod ng Jerusalem at ang mga naninirahan doon; at mga [a]tubig ay pinapangyari kong pumalit sa lugar niyon, upang itago ang kanilang kasamaan at mga karumal-dumal na gawain mula sa aking harapan, upang ang dugo ng mga propeta at ng mga banal ay hindi na sasaksi sa akin laban sa kanila.
8 At masdan, ang lunsod
ng Gadiandi, at ang lunsod ng Gadiomnas, at ang lunsod ng

**9** 1*a* 1 Ne. 19:11; 3 Ne. 11:10.
2*a* Mat. 11:20–21.
*b* Moi. 7:26.
7*a* Ez. 26:19.

Jacob, at ang lunsod ng Gimgimno, ang lahat ng ito ay pinapangyari kong lumubog, at lumikha ng mga [a]burol at lambak sa mga lugar niyon; at ang mga naninirahan doon ay inilibing ko sa kailaliman ng lupa, upang itago ang kanilang kasamaan at kanilang mga karumal-dumal na gawain mula sa aking harapan, upang ang dugo ng mga propeta at ng mga banal ay hindi na sasaksi sa akin laban sa kanila.

9 At masdan, ang dakilang lunsod ng Jacobugat, na tinitirahan ng mga tao ni haring Jacob, ay pinapangyari kong masunog ng apoy dahil sa kanilang mga kasalanan at kanilang mga kasamaan, na nakahihigit sa lahat ng kasamaan ng buong sangkatauhan, dahil sa kanilang mga [a]lihim na pagpaslang at pakikipagsabwatan; sapagkat sila itong nagwasak sa kapayapaan ng aking mga tao at sa pamahalaan ng lupain; kaya nga pinapangyari kong masunog sila, upang [b]lipulin sila mula sa aking harapan, upang ang dugo ng mga propeta at ng mga banal ay hindi na sasaksi sa akin laban sa kanila.

10 At masdan, ang lunsod ng Laman, at ang lunsod ng Jos, at ang lunsod ng Gad, at ang lunsod ng Kiskumen, ay pinapangyari kong masunog ng apoy, at ang mga naninirahan doon, dahil sa kanilang kasamaan sa pagtataboy sa mga propeta, at sa pagbabato sa mga yaong isinugo ko upang ihayag sa kanila ang hinggil sa kanilang kasamaan at kanilang mga karumal-dumal na gawain.

11 At dahil sa silang lahat ay itinaboy nila, kung kaya't wala nang mabubuti sa kanila, ako ay nagpadala ng [a]apoy at nilipol sila, upang itago ang kanilang kasamaan at mga karumal-dumal na gawain mula sa aking harapan, upang ang dugo ng mga propeta at ng mga banal na aking isinugo sa kanila ay hindi na dumaing pa sa akin [b]mula sa lupa laban sa kanila.

12 At [a]maraming malawakang pagkawasak ang pinapangyari kong sumapit sa lupaing ito, at sa mga taong ito, dahil sa kanilang kasamaan at kanilang mga karumal-dumal na gawain.

13 O lahat kayong [a]naligtas dahil sa kayo ay higit na mabubuti kaysa sa kanila, hindi pa ba kayo ngayon magbabalik sa akin, at magsisisi sa inyong mga kasalanan, at magbalik-loob, upang [b]mapagaling ko kayo?

14 Oo, katotohanang sinasabi ko sa inyo, kung [a]lalapit kayo sa akin ay magkakaroon kayo ng [b]buhay na walang hanggan. Masdan, ang aking [c]bisig ng awa ay nakaunat sa inyo, at kung sinuman ang lalapit, siya ay tatanggapin ko; at pinagpa-

8*a* 1 Ne. 19:11.
9*a* Hel. 6:17–18, 21.
*b* Mos. 12:8.
11*a* 2 Hari 1:9–16; Hel. 13:13.
*b* Gen. 4:10.
12*a* 3 Ne. 8:8–10, 14.
13*a* 3 Ne. 10:12.
*b* Jer. 3:22; 3 Ne. 18:32.
14*a* 2 Ne. 26:24–28; Alma 5:33–36.
*b* Juan 3:16.
*c* Alma 19:36.

la ang mga yaong lumalapit sa akin.

15 Masdan, ako si Jesucristo, ang Anak ng Diyos. [a]Nilikha ko ang kalangitan at ang lupa, at lahat ng bagay na nasa mga ito. Kasama ko ang Ama mula pa sa simula. [b]Ako ay nasa Ama, at ang Ama ay nasa akin; at sa pamamagitan ko ay dinakila ng Ama ang kanyang pangalan.

16 Pumaroon ako sa sariling akin at hindi ako [a]tinanggap ng sariling akin. At ang mga banal na kasulatan hinggil sa aking pagparito ay natupad na.

17 At kasindami ng tumanggap sa akin, sa kanila ay [a]ipinagkaloob ko na maging mga anak ng Diyos; at gayon din ang gagawin ko sa lahat ng maniniwala sa aking pangalan, sapagkat masdan, sa pamamagitan ko dumarating ang [b]pagtubos, at sa pamamagitan ko ang mga [c]batas ni Moises ay natupad.

18 Ako ang [a]ilaw at ang buhay ng sanlibutan. Ako ang [b]Alpha at ang [c]Omega, ang simula at ang wakas.

19 At [a]hindi na kayo mag-aalay pa sa akin ng pagbubuhos ng dugo; oo, ang inyong mga alay at inyong mga handog na sinusunog ay tatanggalin na, sapagkat wala na akong tatanggapin pa sa mga alay ninyo at mga handog na sinusunog ninyo.

20 At [a]mag-aalay kayo bilang pinaka-hain sa akin ng isang bagbag na puso at nagsisising espiritu. At sinuman ang lalapit sa akin nang may bagbag na puso at nagsisising espiritu, siya ay [b]bibinyagan ko ng apoy at ng Espiritu Santo, maging tulad ng mga Lamanita, dahil sa kanilang pananampalataya sa akin sa panahon ng kanilang pagbabalik-loob, ay nabinyagan ng apoy at ng Espiritu Santo, at hindi nila nalalaman ito.

21 Masdan, pumarito ako sa daigdig upang bigyang-kaganapan ang pagtubos sa sanlibutan, upang iligtas ang sanlibutan mula sa kasalanan.

22 Anupa't sinuman ang [a]magsisisi at lalapit sa akin na tulad ng maliit na [b]bata, siya ay tatanggapin ko, sapagkat sa kanila ang kaharian ng Diyos. Masdan, sapagkat sa kanila ko [c]inialay ang aking buhay, at muling kinuha ito; kaya nga magsisi, at lumapit sa akin kayong mga nasa dulo ng mundo, at maligtas.

15*a* Juan 1:1–3; Col. 1:16; Hel. 14:12; Eter 4:7; D at T 14:9.
*b* Juan 17:20–22; 3 Ne. 11:27; 19:23, 29.
16*a* Juan 1:11; D at T 6:21.
17*a* Juan 1:12. GBK Tao, Mga Tao—Tao, may kakayahang maging katulad ng Ama sa Langit; Anak na Lalaki at Babae ng Diyos, Mga.
*b* GBK Tubos, Tinubos, Pagtubos.
*c* 3 Ne. 12:19, 46–47; 15:2–9.
18*a* GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo.
*b* Apoc. 1:8. GBK Alpha at Omega.
*c* GBK Alpha at Omega.
19*a* Alma 34:13.
20*a* 3 Ne. 12:19; D at T 20:37.
*b* 2 Ne. 31:13–14.
22*a* GBK Magsisi, Pagsisisi.
*b* Mar. 10:15; Mos. 3:19; 3 Ne. 11:37–38.
*c* Juan 10:15–18.

## KABANATA 10

*Nagkaroon ng katahimikan sa lu-
pain sa loob ng maraming oras—
Ang tinig ni Cristo ay nangakong
titipunin ang kanyang mga tao
tulad ng pagtitipon ng inahing
manok sa kanyang mga sisiw—
Ang higit na mabubuting bahagi
ng mga tao ay napangalagaan.
Mga A.D. 34–35.*

AT ngayon masdan, ito ay
nangyari na, na narinig ng la-
hat ng tao ng lupain ang mga
salitang ito, at sumasaksi rito.
At matapos ang mga salitang
ito ay nagkaroon ng katahimi-
kan sa lupain sa loob ng mara-
ming oras;
2 Sapagkat labis-labis ang
panggigilalas ng mga tao, kung
kaya't nagsitigil sila sa pana-
naghoy at paghagulgol dahil
sa pagkawala ng kanilang mga
kaanak na napatay; anupa't
nagkaroon ng katahimikan sa
buong lupain sa loob ng mara-
ming oras.
3 At ito ay nangyari na, na
may tinig na nangusap na muli
sa mga tao, at narinig ng lahat
ng tao, at sumasaksi rito, sina-
sabing:
4 O kayong mga tao nitong
mga [a]dakilang lunsod na mga
bumagsak, na mga inapo ni
Jacob, oo, na kabilang sa sam-
bahayan ni Israel, kaydalas ko
kayong tinipon tulad ng pagti-
tipon ng inahing manok sa
kanyang mga sisiw sa ilalim ng
kanyang mga pakpak, at [b]ina-
lagaan kayo.
5 At muli, [a]gaano kadalas ko
kayong tinipon tulad ng pagti-
tipon ng inahing manok sa
kanyang mga sisiw sa ilalim ng
kanyang mga pakpak, oo, O
kayong mga tao ng sambaha-
yan ni Israel, na nahulog; oo, O
kayong mga tao ng sambaha-
yan ni Israel, kayong naninira-
han sa Jerusalem, na tulad nin-
yong nahulog; oo, kaydalas ko
kayong tinipon tulad ng pagti-
tipon ng inahing manok sa
kanyang mga sisiw, at tumang-
gi kayo.
6 O kayong sambahayan ni Is-
rael na aking [a]iniligtas, gaano
kadalas ko kayong titipunin
tulad ng pagtitipon ng inahing
manok sa kanyang mga sisiw
sa ilalim ng kanyang mga pak-
pak, kung kayo ay magsisisi at
[b]magbabalik sa akin nang bu-
ong layunin ng [c]puso.
7 Subalit kung hindi, O samba-
hayan ni Israel, ang mga lugar
na inyong tinitirahan ay magi-
ging mapanglaw hanggang sa
panahon ng pagsasakatuparan
ng [a]tipan sa inyong mga ama.
8 At ngayon ito ay nangyari na,
na matapos marinig ng mga tao
ang mga salitang ito, masdan,
sila ay nagsimulang muling mag-
sipanangis at magsipaghagulgol
dahil sa pagkawala ng kanilang
kaanak at mga kaibigan.

**10** 4*a* 3 Ne. 8:14.
*b* 1 Ne. 17:3.
5*a* Mat. 23:37; D at T 43:24–25.
6*a* 3 Ne. 9:13.
*b* 1 Sam. 7:3; Hel. 13:11; 3 Ne. 24:7.
*c* Ez. 36:26.
7*a* GBK Tipan.

9 At ito ay nangyari na, na sa
gayon lumipas ang tatlong
araw. At ito ay sa umaga, at ang
[a]kadiliman ay naglaho mula
sa ibabaw ng lupain, at ang lupa
ay tumigil sa pagyanig, at ang
mga bato ay tumigil sa pagha-
hati-hati, at ang mga kakila-kila-
bot na paghihinagpis ay tumigil,
at ang lahat ng malakas na ingay
ay lumipas.
10 At ang lupa ay muling nag-
sama, kung kaya't nanatili ito;
at ang pagdadalamhati, at ang
pananangis, at ang paghagul-
gol ng mga taong naligtas na
mabuhay ay nagsitigil; at ang
kanilang pagdadalamhati ay na-
ging kagalakan, at ang kanilang
mga pananaghoy ay naging
pagbibigay-puri at pasasalamat
sa Panginoong Jesucristo, na ka-
nilang Manunubos.
11 At sa gayon [a]natupad ang
mga banal na kasulatan na wi-
nika ng mga propeta.
12 At ang [a]higit na mabubuting
bahagi ng mga tao ang naligtas,
at sila itong mga tumanggap sa
mga propeta at hindi sila pi-
nagbabato; at sila itong mga
hindi pinadanak ang dugo ng
mga banal, na mga naligtas—
13 At sila ay naligtas at hindi
nahulog at nalibing sa lupa; at
hindi sila nalunod sa kailali-
man ng dagat; at hindi sila na-
sunog ng apoy, ni hindi sila
nabagsakan at nadurog sa ka-
matayan; at hindi sila natangay
ng buhawi; ni hindi sila nadaig
ng abu-abo ng usok at ng kadi-
liman.
14 At ngayon, kung sinuman
ang nagbabasa, unawain niya;
siya na may mga banal na
kasulatan, [a]saliksikin niya ang
mga ito, at mababasa at ma-
pagmasdan kung ang lahat ng
kamatayang ito at pagkawasak
sa pamamagitan ng apoy, at sa
pamamagitan ng usok, at sa
pamamagitan ng mga bagyo,
at sa pamamagitan ng mga bu-
hawi, at sa pamamagitan ng
[b]pagbubukas ng lupa upang
tanggapin sila, at ang lahat ng
bagay na ito ay hindi tungo sa
katuparan ng mga propesiya
ng marami sa mga banal na
propeta.
15 Masdan, sinasabi ko sa
inyo, Oo, marami ang nagpa-
totoo sa mga bagay na ito na
tungkol sa pagparito ni Cristo,
at [a]pinatay dahil sa sila ay nag-
patotoo sa mga bagay na ito.
16 Oo, ang propetang si [a]Zenos
ay nagpatotoo sa mga bagay na
ito, at si Zenok ay nangusap
din hinggil sa mga bagay na
ito, dahil sa sila ay nagpatotoo
lalung-lalo na hinggil sa atin,
na mga labi ng kanilang mga
binhi.
17 Masdan, ang ating amang si
Jacob ay nagpatotoo rin hinggil
sa mga [a]labi ng mga binhi ni

9*a* 3 Ne. 8:19.
11*a* Gawa 3:18–20.
12*a* 2 Ne. 26:8; 3 Ne. 9:13.
14*a* GBK Banal na Kasulatan, Mga—Kahalagahan ng mga banal na kasulatan.
*b* 1 Ne. 19:11; 2 Ne. 26:5.
15*a* GBK Martir, Pagkamartir.
16*a* Hel. 8:19–20.
17*a* 2 Ne. 3:4–5; Alma 46:24; 3 Ne. 5:23–24.

Jose. At masdan, hindi ba't tayo ay mga labi ng mga binhi ni Jose? At ang mga bagay na ito na nagpapatotoo sa atin, hindi ba't ang mga ito ay nasusulat sa mga laminang tanso na dinala ng ating amang si Lehi mula sa Jerusalem?
18 At ito ay nangyari na, na sa pagtatapos ng ikatatlumpu at apat na taon, masdan, ipakikita ko sa inyo na ang mga tao ni Nephi na mga naligtas, at ang mga yaon ding dating tinatawag na mga Lamanita, na mga naligtas, ay nagkaroon ng maraming kasihan na ipinakita sa kanila, at dakilang pagpapala ang ibinuhos sa kanilang mga ulo, kung kaya nga't pagkatapos na pagkatapos ng [a]pag-akyat ni Cristo sa langit ay tunay niyang ipinakita ang kanyang sarili sa kanila—
19 [a]Ipinakita ang kanyang katawan sa kanila, at nangangaral sa kanila; at ang ulat ng kanyang ministeryo ay ibibigay pagkaraan nito. Anupa't sa oras na ito ay tinatapos ko ang aking mga pangungusap.

---

Ipinakita ni Jesucristo ang kanyang sarili sa mga tao ni Nephi, habang ang maraming tao ay magkakasamang nagtipon sa lupaing Masagana, at nangaral sa kanila; at sa ganitong paraan ipinakita niya ang kanyang sarili sa kanila.

*Binubuo ng mga kabanata 11 hanggang 26 na pinagsama-sama.*

## KABANATA 11

*Ang Ama ay nagpatotoo sa kanyang Minamahal na Anak—Si Cristo ay nagpakita at ipinahayag ang kanyang pagbabayad-sala—Sinalat ng mga tao ang bakas ng sugat sa kanyang mga kamay at paa at tagiliran—Sila ay sumigaw ng Hosana—Itinakda niya ang paraan ng pagbibinyag—Ang diwa ng pagtatalo ay sa diyablo—Ang doktrina ni Cristo ay na maniwala dapat ang mga tao, at mabinyagan at tanggapin ang Espiritu Santo. Mga A.D. 34.*

AT ngayon ito ay nangyari na, na may napakaraming tao na sama-samang nagtipon sa mga tao ni Nephi, sa paligid ng templo na nasa lupaing Masagana; at sila ay nanggigilalas at namamangha sa isa't isa, at isinasalaysay sa isa't isa ang [a]malaki at kagila-gilalas na pagbabagong nangyari.
2 At sila rin ay nangag-uusap tungkol sa Jesucristong ito, na kung kanino ang [a]palatandaan ay ibinigay hinggil sa kanyang kamatayan.
3 At ito ay nangyari na, na habang sila ay nasa gayong pakikipag-usap sa isa't isa, sila ay [a]nakarinig ng tinig na parang nanggagaling sa langit; at iginala nila ang kanilang mga

18*a* Gawa 1:9–11.
19*a* 3 Ne. 11:12–15.
**11** 1*a* 3 Ne. 8:11–14.
2*a* Hel. 14:20–27.
3*a* Deut. 4:33–36; Hel. 5:29–33.

paningin sa paligid, sapagkat
hindi nila naunawaan ang tinig
na kanilang narinig; at iyon ay
hindi garalgal na tinig, ni hindi
ito malakas na tinig; gayunpa-
man, at sa kabila ng ito ay isang
[b]maliit na tinig, iyon ay tumimo
sa kanila na nakaririnig hang-
gang sa kaibuturan, kung ka-
ya't walang bahagi ng kanilang
katawan ang hindi nagawang
panginigin nito; oo, iyon ay tu-
mimo sa kanilang pinaka-kalu-
luwa, at nagpaalab sa kanilang
mga puso.
4 At ito ay nangyari na, na
muli nilang narinig ang tinig,
at hindi nila ito naunawaan.
5 At muli, sa ikatlong pagkaka-
taon narinig nila ang tinig, at bi-
nuksan ang kanilang mga tainga
upang marinig ito; at ang kani-
lang mga mata ay tumingin sa
pinanggagalingan ng tunog ni-
yon; at sila ay walang kurap na
tumingin sa langit, kung saan
ang tunog ay nanggagaling.
6 At masdan, sa ikatlong pag-
kakataon ay naunawaan nila
ang tinig na kanilang narinig;
at sinabi nito sa kanila:
7 Masdan, ang [a]Minamahal
kong Anak, [b]na siya kong labis
na kinalulugdan, sa kanya ay
niluwalhati ko ang aking panga-
lan—pakinggan ninyo siya.
8 At ito ay nangyari na, nang
kanilang maunawaan ay muli
nilang itinuon ang kanilang
mga paningin sa langit; at mas-
dan, [a]nakita nila ang isang La-
laking bumababa mula sa la-
ngit; at siya ay nabibihisan ng
isang maputing bata; at siya ay
bumaba at tumayo sa gitna
nila; at ang mga paningin ng la-
hat ng tao ay natuon sa kanya,
at hindi nila tinangkang buksan
ang kanilang mga bibig, maging
sa isa't isa, at hindi malaman
ang kahulugan nito, sapagkat
inakala nila na isang anghel
ang nagpakita sa kanila.
9 At ito ay nangyari na, na ini-
unat niya ang kanyang kamay at
nangusap sa mga tao, sinasa-
bing:
10 Masdan, ako si Jesucristo, na
siyang pinatotohanan ng mga
propeta na paparito sa daigdig.
11 At masdan, ako ang [a]ilaw
at ang buhay ng sanlibutan; at
ako ay uminom sa mapait na
[b]sarong ibinigay ng Ama sa
akin, at niluwalhati ang Ama
sa [c]pagdadala ko ng mga kasa-
lanan ng sanlibutan, na kung
saan aking binata ang [d]kaloo-
ban ng Ama sa lahat ng bagay
magbuhat pa sa simula.
12 At ito ay nangyari na, nang
sabihin ni Jesus ang mga sali-
tang ito, ang lahat ng tao ay
nangabuwal sa lupa; sapagkat
kanilang naalaalang [a]iprinope-
siya sa kanila na ipakikita ni
Cristo ang kanyang sarili sa ka-
nila pagkatapos na siya ay
umakyat sa langit.
13 At ito ay nangyari na, na
ang Panginoon ay nangusap sa
kanila sinasabing:

3*b* 1 Hari 19:11–13; D at T 85:6.
7*a* Mat. 3:17; 17:5; JS—K 1:17.
*b* 3 Ne. 9:15.
8*a* 1 Ne. 12:6; 2 Ne. 26:1.
11*a* GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo.
*b* Mat. 26:39, 42.
*c* Juan 1:29; D at T 19:18–19.
*d* Mar. 14:36; Juan 6:38; D at T 19:2.
12*a* Alma 16:20.

14 Bumangon at lumapit sa
akin, upang inyong [a]maihipo
ang inyong mga kamay sa aking
tagiliran, at upang inyo ring
[b]masalat ang bakas ng pako sa
aking mga kamay at aking mga
paa, upang inyong malaman
na ako nga ang [c]Diyos ng Isra-
el, at ang Diyos ng buong [d]sang-
katauhan, at pinatay para sa
mga kasalanan ng sanlibutan.
15 At ito ay nangyari na, na
ang maraming tao ay lumapit,
at inihipo ang kanilang mga
kamay sa kanyang tagiliran, at
sinalat ang bakas ng pako sa
kanyang mga kamay at kan-
yang mga paa; at ito ay ginawa
nila, isa-isang nagsilapit hang-
gang sa ang lahat ay makalapit,
at nakita ng kanilang mga mata
at nadama ng kanilang mga ka-
may, at nalaman nang may ka-
tiyakan at nagpatotoo, na [a]ito
ay siya nga, na siyang isinulat
ng mga propeta, na paparito.
16 At nang lahat sila ay maka-
lapit at makasaksi para sa kani-
lang sarili, sila ay sumigaw sa
iisang tinig, sinasabing:
17 Hosana! Purihin ang panga-
lan ng Kataas-taasang Diyos! At
sila ay nagsiluhod sa paanan ni
Jesus, at [a]sinamba siya.
18 At ito ay nangyari na, na
siya ay nangusap kay [a]Nephi
(sapagkat si Nephi ay nasa ma-
raming tao) at kanya siyang
inutusan na nararapat siyang
lumapit.
19 At si Nephi ay tumayo at lu-
mapit, at iniyukod ang kanyang
sarili sa harapan ng Panginoon
at hinagkan ang kanyang mga
paa.
20 At ang Panginoon ay nag-
utos sa kanya na tumayo siya.
At siya ay tumayo at tumindig
sa harapan niya.
21 At ang Panginoon ay nag-
sabi sa kanya: Ibinibigay ko sa
iyo ang [a]kapangyarihan na
[b]binyagan mo ang mga taong
ito kapag ako ay umakyat nang
muli sa langit.
22 At muli ang Panginoon ay
tumawag pa ng [a]iba, at gayon
din ang sinabi sa kanila; at bi-
nigyan niya sila ng kapangyari-
han na magbinyag. At kanyang
sinabi sa kanila: Sa ganitong
paraan kayo magbibinyag; at
[b]huwag magkakaroon ng mga
pagtatalu-talo sa inyo.
23 Katotohanang sinasabi ko
sa inyo, na sinuman ang magsi-
sisi ng kanyang mga kasalanan
sa pamamagitan ng inyong mga
[a]salita, at [b]magnanais na mabin-
yagan sa aking pangalan, sa
ganitong paraan ninyo sila bi-
binyagan—Masdan, kayo ay
bababa at [c]tatayo sa tubig, at sa
aking pangalan ay bibinyagan
ninyo sila.
24 At ngayon masdan, ito ang

14*a* Juan 20:27.
*b* Lu. 24:36–39; D at T 129:2.
*c* Is. 45:3; 3 Ne. 15:5.
*d* 1 Ne. 11:6.
15*a* GBK Jesucristo—Mga pagpapakita ni Cristo matapos maging mortal.
17*a* GBK Pagsamba.
18*a* 3 Ne. 1:2, 10.
21*a* GBK Kapangyarihan.
*b* GBK Pagbibinyag, Binyagan.
22*a* 1 Ne. 12:7; 3 Ne. 12:1.
*b* 3 Ne. 18:34.
23*a* 3 Ne. 12:2.
*b* GBK Pagbibinyag, Binyagan—Mga hinihingi para sa pagbibinyag.
*c* 3 Ne. 19:10–13.

mga salitang inyong sasabihin,
bibigkasin ang kanilang pa-
ngalan, sinasabing:
25 Sa [a]kapangyarihang ipi-
nagkaloob sa akin ni Jesucristo,
binibinyagan kita sa pangalan
ng [b]Ama, at ng Anak, at ng Es-
piritu Santo. Amen.
26 At pagkatapos inyo silang
[a]ilulubog sa tubig, at muling ia-
ahon mula sa tubig.
27 At sa ganitong paraan kayo
magbibinyag sa aking panga-
lan; sapagkat masdan, kato-
tohanang sinasabi ko sa inyo,
na ang Ama, at ang Anak, at
ang Espiritu Santo ay [a]isa; at
ako ay nasa Ama, at ang Ama
ay nasa akin, at ang Ama at ako
ay isa.
28 At alinsunod sa iniutos ko
sa inyo sa gayon kayo magbi-
binyag. At hindi dapat magka-
roon ng mga [a]pagtatalu-talo sa
inyo, na kagaya noon; ni hu-
wag kayong magkakaroon ng
mga pagtatalo sa inyo hinggil
sa mga paksa ng aking doktri-
na, na kagaya noon.
29 Sapagkat katotohanan, kato-
tohanang sinasabi ko sa inyo,
siya na may diwa ng [a]pagtatalo
ay hindi sa akin, kundi sa
[b]diyablo, na siyang ama ng pag-
tatalo, at kanyang inuudyukan
ang mga puso ng tao na maki-
pagtalo nang may galit sa isa't
isa.
30 Masdan, hindi ito ang aking
doktrina, na pukawin sa galit
ang mga puso ng tao, isa laban
sa isa; kundi ito ang aking dok-
trina, na ang mga gayong ba-
gay ay maiwaksi.
31 Masdan, katotohanan, ka-
totohanan, sinasabi ko sa inyo,
ipahahayag ko sa inyo ang
aking [a]doktrina.
32 At ito ang aking [a]doktrina,
at ito ang doktrinang ibinigay
ng Ama sa akin; at Ako ay [b]nag-
papatotoo sa Ama, at ang Ama
ay nagpapatotoo sa akin, at ang
[c]Espiritu Santo ay nagpapatotoo
sa Ama at sa akin; at ako ay nag-
papatotoo na inuutusan ng Ama
ang lahat ng tao, saan man, na
magsisi at maniwala sa akin.
33 At sinuman ang maniniwa-
la sa akin, at [a]mabinyagan, siya
rin ay [b]maliligtas; at sila yaong
[c]magmamana ng kaharian ng
Diyos.
34 At sinuman ang hindi ma-
niniwala sa akin, at hindi ma-
binyagan, ay mapapahamak.
35 Katotohanan, katotohanan,
sinasabi ko sa inyo, na ito ang
aking doktrina, at ako ay nag-
bibigay-patotoo nito mula sa

25*a* Mos. 18:13; D at T 20:73. GBK Pagbibinyag, Binyagan—Wastong karapatan.
*b* GBK Diyos, Panguluhang Diyos.
26*a* GBK Pagbibinyag, Binyagan—Pagbibinyag sa pamamagitan ng paglubog.
27*a* Juan 17:20–22; 3 Ne. 28:10; Morm. 7:7; D at T 20:28.
28*a* 1 Cor. 1:10; Ef. 4:11–14; D at T 38:27.
29*a* 2 Tim. 2:23–24; Mos. 23:15. GBK Kaguluhan.
*b* PJS, Ef. 4:26; Mos. 2:32–33.
31*a* 2 Ne. 31:2–21.
32*a* GBK Doktrina ni Cristo.
*b* 1 Juan 5:7.
*c* 3 Ne. 28:11; Eter 5:4.
33*a* Mar. 16:16. GBK Pagbibinyag, Binyagan—Kinakailangan.
*b* GBK Kaligtasan.
*c* GBK Kaluwalhatiang Selestiyal.

Ama; at sinuman ang [a]naniniwala sa akin ay naniniwala rin sa Ama; at sa kanya ang Ama ay magpapatotoo ng tungkol sa akin, sapagkat kanya siyang dadalawin [b]ng apoy at ng [c]Espiritu Santo.
36 At sa gayon magpapatotoo ng tungkol sa akin ang Ama, at ang Espiritu Santo ang magpapatotoo sa kanya ng tungkol sa Ama at sa akin; sapagkat ang Ama, at ako, at ang Espiritu Santo ay isa.
37 At muli sinasabi ko sa inyo, kailangan na kayo ay magsisi, at [a]maging katulad ng isang maliit na bata, at magpabinyag sa aking pangalan, o hindi ninyo maaaring matanggap ang mga bagay na ito sa anumang paraan.
38 At muli sinasabi ko sa inyo, kailangan na kayo ay magsisi, at magpabinyag sa aking pangalan, at maging katulad ng isang maliit na bata, o hindi kayo magmamana ng kaharian ng Diyos sa anumang paraan.
39 Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, na ito ang aking doktrina, at sinuman ang [a]magtatayo sa ibabaw nito ay nagtatayo sa ibabaw ng aking bato, at ang mga [b]pintuan ng impiyerno ay hindi mananaig laban sa kanila.
40 At sinuman ang magpapahayag nang humigit-kumulang dito, at itatag ito bilang aking doktrina, sa kanya rin nagmumula ang masama, at hindi nakatayo sa ibabaw ng aking bato; kundi siya ay nagtayo sa isang [a]saligang buhangin, at ang mga pintuan ng impiyerno ay nakabukas upang tanggapin ang gayon kapag dumating ang mga baha at hampasin ito ng hangin,
41 Samakatwid, humayo kayo sa mga taong ito, at ipahayag ang mga salitang aking sinabi hanggang sa mga dulo ng mundo.

## KABANATA 12

*Si Jesus ay tumawag at nagbigay ng karapatan sa labindalawa—Siya ay nagbigay sa mga Nephita ng isang talumpati katulad sa Sermon sa Bundok—Siya ay nagsabi ng mga Lubos na Pagpapala—Ang kanyang mga aral ay nangingibabaw at nangunguna kaysa sa mga batas ni Moises—Ang mga tao ay inutusan na maging ganap na katulad niya at ng kanyang Ama na ganap—Ihambing sa Mateo 5. Mga A.D. 34.*

AT ito ay nangyari na, nang sabihin ni Jesus ang mga salitang ito kay Nephi, at sa mga yaong tinawag, (ngayon, ang bilang ng mga yaong tinawag, at tumanggap ng kapangyarihan at karapatan na magbinyag, ay [a]labindalawa) at masdan, iniunat niya ang kanyang kamay sa maraming tao, at sumigaw sa kanila,

35*a* Eter 4:12.
*b* 3 Ne. 9:20; 12:2.
*c* GBK Espiritu Santo.
37*a* Mar. 10:15; Lu. 18:17; Mos. 3:19; 3 Ne. 9:22.
39*a* Mat. 7:24–29; Hel. 5:12. GBK Bato.
*b* 3 Ne. 18:12–13.
40*a* 3 Ne. 14:24–27.
**12** 1*a* 3 Ne. 13:25.

sinasabing: [b]Pinagpala kayo
kung kayo ay makikinig sa
mga salita nitong labindala-
wang aking [c]pinili mula sa inyo
upang maglingkod sa inyo, at
maging inyong mga tagapag-
lingkod; at sa kanila ay ibini-
gay ko ang kapangyarihan na
binyagan kayo sa tubig; at ma-
tapos na kayo ay mabinyagan
sa tubig, masdan, bibinyagan
ko kayo ng apoy at ng Espiritu
Santo; kaya nga pinagpala
kayo kung kayo ay maniniwa-
la sa akin at magpapabinyag,
matapos na makita ninyo at
malaman ninyo na ako ay siya
nga.
2 At muli, higit na pinagpala
sila na [a]maniniwala sa inyong
mga salita dahil sa kayo ay nag-
papatotoo na inyo akong nakita,
at nalaman ninyo na ako ay siya
nga. Oo, pinagpala sila na mani-
niwala sa inyong mga salita, at
[b]bababa sa kailaliman ng pag-
papakumbaba at magpabinyag,
sapagkat sila ay dadalawin [c]ng
apoy at ng Espiritu Santo, at ta-
tanggap ng kapatawaran sa ka-
nilang mga kasalanan.
3 Oo, mapapalad ang mga
[a]aba sa espiritu na [b]lumalapit
sa akin, sapagkat sa kanila ang
kaharian ng langit.
4 At muli, mapapalad silang
lahat na nahahapis sapagkat
sila ay aaliwin.
5 At mapapalad ang mga [a]ma-
amo, sapagkat mamanahin nila
ang [b]lupa.
6 At mapapalad silang lahat
na [a]nagugutom at [b]nauuhaw sa
[c]kabutihan, sapagkat sila'y ma-
pupuspos ng Espiritu Santo.
7 At mapapalad ang mga [a]maa-
wain, sapagkat sila'y kaaawaan.
8 At mapapalad ang lahat nang
may [a]dalisay na puso, sapagkat
[b]makikita nila ang Diyos.
9 At mapapalad ang lahat ng
[a]tagapamayapa, sapagkat sila'y
tatawaging mga [b]anak ng Diyos.
10 At mapapalad silang lahat
na [a]pinag-uusig dahil sa aking
pangalan, sapagkat sa kanila
ang kaharian ng langit.
11 At pinagpala kayo kung
ang mga tao ay lalaitin kayo at
pag-uusigin, at magsasabi ng
lahat ng uri ng kasamaan laban
sa inyo na hindi totoo, dahil sa
akin;
12 Sapagkat kayo ay magka-
karoon ng malaking kagalakan
at labis na kasiyahan, sapagkat
malaki ang inyong [a]gantimpala
sa langit; sapagkat gayon nila
pinag-usig ang mga propetang
nangauna sa inyo.

1*b* GBK Pagpapala, Pagpapalain, Pinagpala.
*c* GBK Tawag, Tinawag ng Diyos, Pagkakatawag.
2*a* D at T 46:13–14. GBK Paniniwala, Maniwala.
*b* Eter 4:13–15.
*c* 3 Ne. 11:35; 19:13.
3*a* D at T 56:17–18. GBK Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba.
*b* Mat. 11:28–30.
5*a* Rom. 12:16; Mos. 3:19. GBK Maamo, Kaamuan.
*b* GBK Mundo.
6*a* 2 Ne. 9:51; Enos 1:4.
*b* Jer. 29:13.
*c* Kaw. 21:21.
7*a* GBK Awa, Maawain.
8*a* GBK Dalisay, Kadalisayan.
*b* D at T 93:1.
9*a* GBK Tagapamayapa.
*b* GBK Anak na Lalaki at Babae ng Diyos, Mga.
10*a* D at T 122:5–9. GBK Usigin, Pag-uusig.
12*a* Eter 12:4.

13 Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, ibinibigay ko sa inyo na maging [a]asin ng lupa; ngunit kung ang asin ay mawalan ng lasa saan kaya ang lupa ay mapapaalat? Ang asin kung magkagayon ay magiging walang kabuluhan, kundi ang itapon at yapakan ng mga paa ng tao.
14 Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, ibinibigay ko sa inyo na maging ilaw ng mga taong ito. Isang lunsod na nakatayo sa ibabaw ng isang burol na hindi maitatago.
15 Masdan, ang mga tao ba ay nagsisindi ng [a]kandila upang ilagay sa ilalim ng takalan? Hindi, kundi sa isang kandelero, at ito ay nagbibigay-liwanag sa lahat ng nasa bahay;
16 Samakatwid hayaan na ang inyong [a]ilaw ay magliwanag sa harapan ng mga taong ito, upang makita nila ang inyong mabubuting gawa at luwalhatiin nila ang inyong Ama na nasa langit.
17 Huwag ninyong isipin na ako ay naparito upang wasakin ang batas o ang mga propeta. Ako ay hindi naparito upang magwasak kundi upang tumupad;
18 Sapagkat katotohanang sinasabi ko sa inyo, ni isang tuldok o isang kudlit ay hindi mawawala sa [a]batas, kundi sa akin ito ay natupad na lahat.
19 At masdan, ibinigay ko sa inyo ang batas at ang mga kautusan ng aking Ama, upang kayo ay maniwala sa akin, at upang kayo ay magsisi sa inyong mga kasalanan, at lumapit sa akin nang may pusong [a]bagbag at nagsisising espiritu. Masdan, nasa inyo ang mga kautusan, at ang [b]batas ay natupad na.
20 Kaya nga magsilapit kayo sa akin at kayo ay maliligtas; sapagkat katotohanang sinasabi ko sa inyo, na maliban kung inyong susundin ang mga kautusan ko, na aking iniuutos sa inyo sa oras na ito, hindi kayo kailanman maaaring makapasok sa kaharian ng langit.
21 Narinig ninyo na sinabi nila noong unang panahon, at ito rin ay nasulat sa inyo, na huwag kayong [a]papatay, at sinuman ang pumatay ay mapapasapanganib sa kahatulan ng Diyos;
22 Ngunit sinasabi ko sa inyo, na sinuman ang nagagalit sa kanyang kapatid ay manganganib sa kanyang kahatulan. At sinuman ang magsasabi sa kanyang kapatid, Raca, ay mapapasapanganib sa kapulungan; at sinumang magsabing, Hangal ka, ay mapapasapanganib sa apoy ng impiyerno.
23 Kaya nga, kung kayo ay lalapit sa akin, o magnanais na lumapit sa akin, at naalaala ninyo na ang inyong kapatid ay may anumang laban sa inyo—
24 Magtungo kayo sa inyong

13*a* D at T 101:39–40.
GBK Asin.
15*a* Lu. 8:16.
16*a* 3 Ne. 18:24.
18*a* GBK Batas ni Moises, Mga.
19*a* 3 Ne. 9:20.
GBK Bagbag na Puso.
*b* 3 Ne. 9:17.
21*a* Ex. 20:13;
Mos. 13:21;
D at T 42:18.

kapatid, at [a]makipagkasundo
muna kayo sa inyong kapatid, at
pagkatapos kayo ay lumapit sa
akin nang may buong layunin
ng puso, at tatanggapin ko kayo.
25 Makipagkasundo kayo agad
sa inyong kaaway samantalang
kayo ay kasama niya sa daan,
baka sa anumang sandali kayo
ay dakpin niya at itapon kayo
sa bilangguan.
26 Katotohanan, katotohanan,
sinasabi ko sa inyo, kayo sa
anumang paraan ay hindi makalalabas doon hanggang sa
mabayaran ninyo ang kahulihulihang senine. At samantalang kayo ay nasa bilangguan
mababayaran ba ninyo maging
ang isang [a]senine? Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko
sa inyo, Hindi.
27 Masdan, isinulat nila noong unang panahon, na huwag
kayong [a]makikiapid;
28 Ngunit sinasabi ko sa inyo,
na sinuman ang tumingin sa
isang babae, taglay ang [a]pagnanasa sa kanya, ay nagkasala na
ng pakikiapid sa kanyang puso.
29 Masdan, ibinibigay ko sa
inyo ang isang kautusan, na huwag ninyo pahintulutan na ang
mga bagay na ganito ay pumasok sa inyong mga [a]puso;
30 Sapagkat higit na mabuting
pagkaitan ninyo ang inyong sarili ng mga bagay na ito, kung
saan ninyo papasanin ang inyong [a]krus, kaysa sa kayo ay
ihagis sa impiyerno.
31 Ito ay nasusulat, na sinuman
ang hihiwalay sa kanyang asawang babae, bigyan niya siya
ng kasulatan ng [a]kalag-kasal.
32 Katotohanan, katotohanan,
sinasabi ko sa inyo, na sinuman
ang [a]hihiwalay sa kanyang asawang babae, maliban na lamang
sa dahilang [b]pangangalunya, ay
nagbibigay ng dahilan sa kanya
na [c]makiapid; at sinuman ang
pakakasal sa kanya na hiwalay
sa asawa ay magkakasala ng
pakikiapid.
33 At muli nasusulat, huwag
ninyong ipanunumpa ang inyong sarili, kundi gampanan
sa Panginoon ang inyong mga
[a]sumpa.
34 Ngunit katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo,
huwag kayong [a]mangangako;
ni sa langit, sapagkat iyon ang
trono ng Diyos;
35 O sa lupa, sapagkat iyon ang
tuntungan ng kanyang mga paa;
36 Ni mangako kayo sa inyong mga ulo, sapagkat hindi
ninyo kaya na ang isang buhok
ay gawing maitim o maputi.
37 Ngunit ang inyong magiging pananalita ay Oo, oo; Hindi, hindi; sapagkat anuman
ang hihigit pa rito ay masama.
38 At masdan, nasusulat, [a]mata sa mata, at ngipin sa ngipin;
39 Ngunit sinasabi ko sa inyo,

24*a* GBK Magpatawad.
26*a* Alma 11:3.
27*a* 2 Ne. 9:36; D at T 59:6.
28*a* D at T 42:23. GBK Pagnanasa.
29*a* Gawa 8:22.
30*a* Mat. 10:38; 16:24; Lu. 9:23.
31*a* GBK Diborsiyo.
32*a* Mar. 10:11–12.
*b* GBK Pangangalunya.
*c* GBK Pakikiapid.
33*a* GBK Sumpa, Mga Sumpa.
34*a* GBK Pagkawalang-galang.
38*a* Lev. 24:20.

na huwag kayong [a]makilaban sa
masama, kundi kung sinuman
ang sasampal sa inyo sa ka-
nang pisngi, [b]ibaling din ninyo
sa kanya ang kabila.
40 At kung sinumang tao ang
ipagsasakdal kayo sa batas at
kukunin ang inyong tunika, ha-
yaan ninyong mapasakanya rin
ang inyong balabal;
41 At kung sinuman ang pipi-
lit sa inyo na lumakad ng isang
milya, sumama kayo sa kanya
ng dalawang ulit.
42 [a]Bigyan ninyo siya na
nanghihingi sa inyo, at siya na
nanghihiram sa inyo ay huwag
ninyong tatalikuran.
43 At masdan, nasusulat din,
mahalin ninyo ang inyong kap-
wa at kapootan ninyo ang in-
yong kaaway;
44 Ngunit masdan sinasabi ko
sa inyo, mahalin ninyo ang in-
yong mga [a]kaaway, pagpalain
ninyo sila na sumusumpa sa
inyo, gawan ninyo ng mabuti
sila na napopoot sa inyo, at
[b]ipanalangin ninyo sila na may
masamang hangarin sa pagga-
mit sa inyo at umuusig sa inyo;
45 Upang kayo ay maging
mga anak ng inyong Ama na
nasa langit; sapagkat pinasisi-
kat niya ang kanyang araw sa
masasama at sa mabubuti.
46 Kaya nga, yaong mga bagay
noong unang panahon na nasa
ilalim ng batas, sa akin ang lahat
ay natupad na.
47 Ang mga [a]lumang bagay ay
lumipas na, at lahat ng bagay
ay naging bago.
48 Anupa't nais ko na kayo ay
maging [a]ganap na katulad ko,
o ng inyong Ama na nasa langit
ay ganap.

## KABANATA 13

*Itinuro ni Jesus sa mga Nephita ang Panalangin ng Panginoon—Sila ay pinagtitipon ng mga kayamanan sa langit—Ang Labindalawa sa kanilang ministeryo ay inutusang huwag isipin ang ukol sa mga bagay na temporal—Ihambing sa Mateo 6. Mga* A.D. *34.*

Katotohanan, katotohanan,
sinasabi ko na nais ko na kayo
ay [a]maglimos sa mga maralita;
ngunit mag-ingat kayo na ang
inyong paglilimos ay hindi gi-
nagawa sa harapan ng mga tao
upang makita nila; kung hindi
ay wala kayong tatanggaping
gantimpala mula sa inyong
Ama na nasa langit.
2 Kaya nga, kung kayo ay
maglilimos huwag ninyong hi-
hipan ang pakakak sa harapan
ninyo, gaya ng ginagawa ng
mga mapagkunwari sa mga si-
nagoga at sa mga lansangan,
upang sila ay [a]papurihan ng
tao. Katotohanang sinasabi ko
sa inyo, mayroon na silang
gantimpala.
3 Ngunit kung kayo ay magli-

39*a* 3 Ne. 6:13; 4 Ne. 1:34; D at T 98:23–32.
*b* GBK Tiyaga.
42*a* Jac. 2:17–19; Mos. 4:22–26.
44*a* Kaw. 24:17; Alma 48:23.
*b* Gawa 7:59–60.
47*a* 3 Ne. 15:2, 7; D at T 22:1.
48*a* Mat. 5:48; 3 Ne. 27:27. GBK Ganap.
**13** 1*a* GBK Limos, Paglilimos.
2*a* D at T 121:34–35.

limos, huwag hayaang mala-
man ng iyong kaliwang kamay
ang ginagawa ng iyong kanang
kamay;
4 Upang ang inyong paglilimos
ay malihim; at ang inyong Ama
na nakakikita nang lihim, siya
na rin ang maggagantimpala sa
inyo nang hayagan.
5 At kung kayo ay [a]mananala-
ngin, huwag kayong tutulad sa
ginagawa ng mga mapagkun-
wari, sapagkat iniibig nilang
manalangin nang nakatayo sa
mga sinagoga at sa mga panu-
lukan ng mga lansangan, upang
sila ay makita ng mga tao. Ka-
totohanang sinasabi ko sa inyo,
mayroon na silang gantimpala.
6 Ngunit kayo, kung kayo ay
mananalangin, pumasok kayo
sa inyong silid, at kung maisa-
ra na ninyo ang inyong pintu-
an, manalangin kayo sa inyong
Ama na nasa lihim; at ang in-
yong Ama, na nakakikita nang
lihim, ay gagantimpalaan kayo
nang hayagan.
7 Ngunit kung kayo ay mana-
nalangin, huwag gumamit ng
mga walang kabuluhang pa-
ulit-ulit, gaya ng ginagawa ng
mga di binyagan, sapagkat ini-
isip nila na diringgin sila sa la-
bis na kasasalita.
8 Huwag nga kayong tumu-
lad sa kanila, sapagkat [a]nalala-
man ng inyong Ama ang mga
bagay na kailangan ninyo bago
pa kayo humingi sa kanya.
9 Sa ganitong [a]pamamaraan
[b]magsidalangin kayo: [c]Ama na-
min na nasa langit, sambahin
ang pangalan ninyo.
10 Mangyari ang inyong ka-
looban dito sa lupa katulad ng
sa langit.
11 At patawarin ninyo kami
sa aming mga utang, katulad
ng aming pagpapatawad sa may
utang sa amin.
12 At huwag ninyo kaming ha-
yaang [a]akayin sa tukso, kundi
iligtas ninyo kami sa masama.
13 Sapagkat sa inyo ang kaha-
rian, at ang kapangyarihan, at
ang kaluwalhatian, magpaka-
ilanman. Amen.
14 Sapagkat, kung inyong
[a]patatawarin ang mga tao sa
kanilang mga pagkakasala, ang
inyong Ama sa langit ay pata-
tawarin din kayo.
15 Ngunit kung hindi ninyo
patatawarin ang mga tao sa ka-
nilang mga pagkakasala, ni ang
inyong Ama ay hindi magpapa-
tawad sa inyong mga kasalanan.
16 Bukod dito, kung kayo ay
[a]nag-aayuno huwag kayong tu-
tulad sa mga mapagkunwari,
na may malungkot na mukha,
sapagkat pinasasasama nila ang
kanilang mga mukha upang lu-
mitaw sa mga tao na sila ay
nag-aayuno. Katotohanang si-
nasabi ko sa inyo, mayroon na
silang gantimpala.
17 Ngunit kayo, kung kayo ay
nag-aayuno, langisan ang in-

5*a* GBK Panalangin.
8*a* D at T 84:83.
9*a* Mat. 6:9–13.
*b* GBK Panalangin.
*c* GBK Diyos, Panguluhang Diyos—Diyos Ama.
12*a* PJS, Mat. 6:14.
14*a* Mos. 26:30–31; D at T 64:9. GBK Magpatawad.
16*a* Is. 58:5–7. GBK Ayuno, Pag-aayuno.

yong ulo, at hugasan ang in-
yong mukha;
18 Upang huwag lumitaw sa
mga tao na kayo ay nag-aayu-
no, kundi sa inyong Ama, na
nasa [a]lihim; at ang inyong
Ama, na nakakikita nang lihim,
ay gagantimpalaan kayo nang
hayagan.
19 Huwag kayong mangagti-
pon ng mga kayamanan sa lupa,
kung saan ang tanga at kala-
wang ay sumisira, at mga mag-
nanakaw ay sapilitang puma-
pasok at nagnanakaw;
20 Ngunit mag-ipon para sa
inyong sarili ng mga [a]kayama-
nan sa langit, kung saan ni ang
tanga o ang kalawang ay hindi
makapaninira, at kung saan ang
mga magnanakaw ay hindi sa-
pilitang makapapasok o maka-
pagnanakaw.
21 Sapagkat kung nasaan ang
inyong kayamanan, naroon din
ang inyong puso.
22 Ang [a]ilawan ng inyong
katawan ay ang mata; kung
magkagayon, na ang inyong
mata ay tapat, ang inyong bu-
ong katawan ay mapupuspos
ng liwanag.
23 Ngunit kung ang inyong
mata ay masama, ang buo nin-
yong katawan ay mapupuspos
ng kadiliman. Kung magkaga-
yon, ang liwanag na nasa inyo
ay kadiliman, kaylaki ng kadi-
limang yaon!
24 Walang taong [a]makapagli-
lingkod sa dalawang pangino-
on; sapagkat alinman sa dalawa
ay kanyang kapopootan ang isa
at iibigin ang pangalawa, o kaya
ay mangangapit siya sa isa at
kamumuhian ang ikalawa. Hin-
di kayo maaaring maglingkod
sa Diyos at sa Mammon.
25 At ngayon ito ay nangyari
na, nang sabihin ni Jesus ang
mga salitang ito, siya ay tumi-
ngin sa labindalawang kanyang
pinili, at sinabi sa kanila: Tan-
daan ang mga salitang aking
sinabi. Sapagkat masdan, kayo
yaong aking mga piniling [a]mag-
lingkod sa mga taong ito. Kaya
nga sinasabi ko sa inyo, [b]huwag
kayong mag-alaala para sa in-
yong buhay, kung ano ang in-
yong kakainin, o kung ano ang
inyong iinumin; o ang para sa
inyong katawan, kung ano ang
inyong isusuot. Hindi ba't ang
buhay ay higit pa kaysa sa pag-
kain, at ang katawan kaysa sa
kasuotan?
26 Masdan ang mga ibon sa
himpapawid, hindi sila nagha-
hasik, ni nag-aani o nagtitipon
sa bangan; gayunman sila ay
pinakakain ng inyong Ama sa
langit. Hindi ba't kayo ay higit
na mahalaga kaysa sa kanila?
27 Sino sa inyo ang sa pag-
aalaala ay makapagdaragdag
ng isang siko sa kanyang pa-
ngangatawan?
28 At bakit ninyo aalalahanin
ang kasuotan? Isaalang-alang
ang mga lirio sa parang kung
paano sila lumalago; hindi sila
gumagawa, ni sila'y humahabi.
29 At gayunman sinasabi ko

18*a* D at T 38:7.
20*a* Hel. 5:8; 8:25.
22*a* D at T 88:67.
24*a* 1 Sam. 7:3.
25*a* GBK Mangasiwa.
*b* Alma 31:37–38;
D at T 84:79–85.

sa inyo, na maging si Solomon,
sa lahat ng kabantugan niya, ay
hindi nakapagsuot ng katulad
ng isa sa mga ito.
30 Kaya nga, kung ang Diyos
ay binibihisan ang mga damo sa
parang, na sa araw na ito ay ga-
yon, at bukas ay ihahagis sa
hurno, gayon din bibihisan niya
kayo, kung hindi kayo may ka-
kaunting pananampalataya.
31 Kaya nga huwag kayong
mag-alaala, sinasabing, Ano
ang aming kakainin? o, Ano
ang aming iinumin? o, Ano ang
aming isusuot?
32 Sapagkat nalalaman ng
inyong Ama sa langit na kaila-
ngan ninyo ang lahat ng bagay
na ito.
33 Ngunit hanapin muna ninyo
ang [a]kaharian ng Diyos at ang
kanyang kabutihan, at ang la-
hat ng bagay na ito ay idarag-
dag sa inyo.
34 Kaya nga huwag kayong
mag-alaala para sa bukas, sa-
pagkat ang bukas ang mag-
aalaala ng mga bagay para sa
kanyang sarili. Sapat na ang
araw sa kasamaan niyaon.

## KABANATA 14

*Si Jesus ay nag-utos: Huwag hahatol; humingi sa Diyos; mag-ingat sa mga bulaang propeta—Kanyang ipinangangako ang kaligtasan sa mga yaong susunod sa kalooban ng Ama—Ihambing sa Mateo 7. Mga A.D. 34.*

AT ngayon ito ay nangyari na,
nang sabihin ni Jesus ang mga
salitang ito ay bumaling siyang
muli sa maraming tao, at binuk-
san niyang muli ang kanyang
bibig sa kanila, sinasabing: Ka-
totohanan, katotohanan, sina-
sabi ko sa inyo, Huwag kayong
[a]hahatol, upang huwag kayong
hatulan.
2 [a]Sapagkat sa kahatulang
ihahatol ninyo, kayo ay haha-
tulan, at sa panukat na isusu-
kat ninyo, iyon ang ipanunukat
na muli sa inyo.
3 At bakit mo minamasdan ang
puwing na nasa mata ng iyong
kapatid, ngunit hindi mo isina-
saalang-alang ang tahilan na
nasa iyong sariling mata?
4 O paano mo sasabihin sa
iyong kapatid: Hayaan mong
alisin ko ang puwing sa iyong
mata—at masdan, isang tahilan
ay nasa iyong sariling mata?
5 Ikaw na mapagkunwari, ali-
sin mo muna ang [a]tahilan na
nasa sarili mong mata; at sa ga-
yon malinaw mong makikita
ang pag-aalis ng puwing sa
mata ng iyong kapatid.
6 Huwag ninyong ibigay ang
anumang [a]banal sa mga aso, ni
ihagis ang inyong mga perlas
sa mga baboy, baka yurakan
nila ang mga ito sa ilalim ng ka-
nilang mga paa, at magbalik
muli at lapain kayo.
7 [a]Humingi, at iyon ay ibibigay
sa inyo; maghanap, at kayo'y
makasusumpong, kumatok, at
kayo'y pagbubuksan.

33*a* Lu. 12:31.
**14** 1*a* PJS, Mat. 7:1–2; Juan 7:24.
2*a* Morm. 8:19.
5*a* Juan 8:3–11.
6*a* GBK Banal (pang-uri).
7*a* 3 Ne. 27:29. GBK Panalangin.

8 Sapagkat ang bawat humihi-
ngi ay tumatanggap, at siya na
naghahanap ay makasusum-
pong; at sa kanya na kumaka-
tok, siya ay pagbubuksan.
9 O mayroon ba sa inyo, na
kung humihingi ang anak ng ti-
napay, ay bibigyan siya ng bato?
10 O kung humingi siya ng
isda, siya ba ay bibigyan niya
ng ahas?
11 Kung kayo nga, bagama't
masasama, ay alam kung pa-
ano magbigay ng mabubuting
handog sa inyong mga anak,
gaano pa kaya ang inyong Ama
na nasa langit na nagbibigay
ng mabubuting bagay sa kanila
na humihingi sa kanya?
12 Kaya nga, lahat ng bagay
na nais ninyong gawin ng mga
tao sa inyo, [a]gayon ang gawin
ninyo sa kanila, sapagkat ito
ang batas at ang mga propeta.
13 Magsipasok kayo sa [a]maki-
pot na pasukan; sapagkat [b]mala-
pad ang pasukan, at malawak
ang daan patungo sa pagkawa-
sak, at marami ang papasok
doon sa lugar na iyon;
14 Sapagkat makipot ang [a]pa-
sukan, at [b]makitid ang daan,
patungo sa buhay, at [c]kakaunti
ang nakasusumpong nito.
15 Mag-ingat kayo sa mga
[a]bulaang propeta, na lumalapit
sa inyo na nakadamit tupa, ngu-
nit sa loob ay lobong maninila.
16 Makikilala ninyo sila sa pa-
mamagitan ng kanilang mga
bunga. Ang mga tao ba ay na-
mimitas ng mga ubas ng tinik,
o mga igos ng dawagan?
17 Gayundin ang bawat mabu-
ting punungkahoy ay nagbubu-
nga ng mabuting bunga; ngunit
ang masamang punungkahoy
ay nagbubunga ng masamang
bunga.
18 Ang mabuting punungka-
hoy ay hindi maaaring magbu-
nga ng masamang bunga, ni
ang masamang punungkahoy ay
magbunga ng mabuting bunga.
19 Bawat punungkahoy na
hindi [a]nagbubunga ng mabu-
ting bunga ay pinuputol, at ini-
hahagis sa apoy.
20 Kaya nga, sa pamamagitan
ng kanilang mga [a]bunga ay ma-
kikilala ninyo sila.
21 Hindi lahat ng nagsasabi sa
akin ng Panginoon, Panginoon,
ay makapapasok sa kaharian ng
langit; kundi siya na gumagawa
ng kalooban ng aking Ama na
nasa langit.
22 Marami ang [a]magsasabi sa
akin sa araw na yaon: Pangino-
on, Panginoon, hindi ba't kami
ay nagpropesiya sa inyong pa-
ngalan, at sa inyong pangalan
ay nagpalayas ng mga diyablo,
at sa inyong pangalan ay gu-
mawa ng maraming kamang-
ha-manghang gawa?
23 At kung magkagayon ay
ipahahayag ko sa kanila: Hindi

12*a* GBK Pagkahahabag.
13*a* Lu. 13:24;
3 Ne. 27:33.
*b* D at T 132:25.
14*a* 2 Ne. 9:41;
31:9, 17–18;
D at T 22:1–4.
*b* 1 Ne. 8:20.
*c* 1 Ne. 14:12.
15*a* Jer. 23:21–32;
2 Ne. 28:9, 12, 15.
19*a* Mat. 3:10;
Alma 5:36–41;
D at T 97:7.
20*a* Lu. 6:43–45;
Moro. 7:5.
22*a* Alma 5:17.

ko kayo [a]nakikilala; [b]lumayo sa
akin, kayong gumagawa ng ma-
sama.
24 Kaya nga, ang sinumang
nakikinig ng mga salitang ito at
ginagawa ang mga yaon, itutu-
lad ko siya sa isang matalinong
tao na nagtayo ng kanyang ba-
hay sa ibabaw ng isang mala-
king [a]bato—
25 At bumuhos ang [a]ulan, at
dumating ang baha, at umihip
ang hangin, at humampas sa
bahay na yaon; at iyon ay hindi
[b]bumagsak, sapagkat ito ay na-
katayo sa ibabaw ng isang bato.
26 At ang bawat isa na nakari-
rinig ng mga salita kong ito at
hindi ito ginagawa ay itutulad
ko sa isang taong hangal, na
nagtayo ng kanyang bahay sa
[a]buhanginan—
27 At bumuhos ang ulan, at du-
mating ang baha, at umihip ang
hangin, at humampas sa bahay
na yaon; at iyon ay bumagsak, at
malakas ang pagbagsak niyon.

## KABANATA 15

*Si Jesus ay nagpahayag na ang mga batas ni Moises ay natupad sa kanya—Ang mga Nephita ang ibang mga tupa na kanyang sinabi sa Jerusalem—Dahil sa kasamaan, ang mga tao ng Panginoon sa Jerusalem ay hindi alam ang mga nakakalat na tupa ng Israel. Mga A.D. 34.*

At ngayon ito ay nangyari na,
nang matapos ni Jesus ang mga
salitang ito, iginala niya ang
kanyang mga paningin sa ma-
raming tao, at sinabi sa kanila:
Masdan, inyong narinig ang
mga bagay na aking itinuro
bago ako umakyat sa aking
Ama; kaya nga, ang sinumang
makatatanda ng mga salita ko
at [a]ginagawa ang mga yaon,
siya ay [b]ibabangon ko sa huling
araw.
2 At ito ay nangyari na, nang
sabihin ni Jesus ang mga sali-
tang ito ay nahiwatigan niya na
may ilan sa kanila na nanggigi-
lalas, at namamangha kung ano
ang gagawin niya hinggil sa
mga [a]batas ni Moises; sapagkat
hindi nila nauunawaan ang si-
nabi na ang mga lumang bagay
ay lumipas na, at lahat ng bagay
ay naging bago.
3 At kanyang sinabi sa kanila:
Huwag kayong manggilalas na
sinabi ko sa inyo na ang mga lu-
mang bagay ay lumipas na, at
lahat ng bagay ay naging bago.
4 Masdan, sinasabi ko sa inyo
na ang mga [a]batas na ibinigay
kay Moises ay natupad na.
5 Masdan, [a]ako ang siyang
nagbigay ng mga batas, at ako
ang siyang nakipagtipan sa
aking mga taong Israel; anupa't
ang mga batas sa akin ay natu-
pad na, sapagkat ako ay napari-
to upang [b]tuparin ang mga

23*a* Mos. 5:13; 26:24–27.
*b* Lu. 13:27.
24*a* GBK Bato.
25*a* Alma 26:6; Hel. 5:12.
*b* Kaw. 12:7.
26*a* 3 Ne. 11:40.
**15** 1*a* Sant. 1:22.
*b* 1 Ne. 13:37; D at T 5:35.
2*a* GBK Batas ni Moises, Mga.
4*a* Mos. 13:27–31; 3 Ne. 9:17–20.
5*a* 1 Cor. 10:1–4; 3 Ne. 11:14. GBK Jehova.
*b* Alma 34:13.

batas; kaya nga iyon ay nagka-
roon ng katapusan.
6 Masdan, [a]hindi ko winawa-
sak ang mga propeta, sapagkat
kasindami ng hindi pa natutu-
pad sa akin, katotohanang si-
nasabi ko sa inyo, lahat ay ma-
tutupad.
7 At sapagkat sinabi ko sa inyo
na ang mga lumang bagay ay lu-
mipas na, hindi ko winawasak
yaong mga sinabi na hinggil sa
mga bagay na darating.
8 Sapagkat masdan, ang [a]ti-
pan ko na ipinakipagtipan sa
aking mga tao ay hindi pa na-
tutupad na lahat; subalit ang
mga batas na ibinigay kay Moi-
ses ay nagtapos sa akin.
9 Masdan, ako ang [a]batas, at
ang [b]ilaw. Tumingin kayo sa
akin, at magtiis hanggang wa-
kas, at kayo ay [c]mabubuhay; sa-
pagkat siya na [d]makapagtitiis
hanggang wakas ay bibigyan ko
ng buhay na walang hanggan.
10 Masdan, naibigay ko na sa
inyo ang mga [a]kautusan; sama-
katwid sundin ninyo ang aking
mga kautusan. At ito ang batas
at ang mga propeta, sapagkat
tunay na sila ay [b]nagpatotoo
tungkol sa akin.
11 At ngayon ito ay nangyari
na, nang sabihin ni Jesus ang
mga salitang ito, sinabi niya sa
labindalawang yaon na kan-
yang pinili:
12 Kayo ay aking mga disipu-
lo; at kayo ay ilaw sa mga taong
ito, na mga labi ng sambahayan
ni [a]Jose.
13 At masdan, ito ang [a]lupa-
ing inyong mana; at ibinigay
ito ng Ama sa inyo.
14 At hindi sa alinmang pana-
hon ang Ama ay nagbigay ng
utos sa akin na nararapat [a]sabi-
hin ko iyon sa inyong mga ka-
patid sa Jerusalem.
15 Ni sa alinmang panahon
ang Ama ay nagbigay sa akin
ng utos na nararapat sabihin ko
sa kanila hinggil sa [a]iba pang
lipi ng sambahayan ni Israel,
na kung sino ay inakay ng Ama
palabas ng lupain.
16 Ito lamang ang iniutos ng
Ama sa akin na nararapat kong
sabihin sa kanila:
17 Na mayroon akong ibang
mga tupa na hindi sa kawang
ito; sila ay dapat ko ring dal-
hin, at kanilang diringgin ang
aking tinig; at magkakaroon ng
isang kawan, at isang [a]pastol.
18 At ngayon, dahil sa katiga-
san ng leeg at kawalang-pani-
niwala ay hindi nila [a]naunawa-
an ang aking salita; kaya nga
ako ay inutusan ng Ama na hu-
wag nang magsalita pa hinggil
sa bagay na ito sa kanila.
19 Ngunit katotohanan, sina-
sabi ko sa inyo na ang Ama ang
nag-utos sa akin, at sinasabi ko

6*a* 3 Ne. 23:1–5.
8*a* 3 Ne. 5:24–26.
9*a* 2 Ne. 26:1.
*b* GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo.
*c* Juan 11:25; D at T 84:44.
*d* GBK Makapagtiis.
10*a* 3 Ne. 12:20.
*b* Mos. 13:33.
12*a* GBK Jose, Anak ni Jacob.
13*a* 1 Ne. 18:22–23.
14*a* 3 Ne. 5:20.
15*a* 3 Ne. 16:1–4. GBK Israel—Ang sampung nawawalang lipi ni Israel.
17*a* GBK Mabuting Pastol.
18*a* D at T 10:59.

ito sa inyo, na kayo ay nahiwalay sa kanila dahil sa kanilang kasamaan; anupa't dahil sa kanilang kasamaan kung kaya't wala silang nalalaman tungkol sa inyo.

20 At katotohanan, sinasabi ko sa inyong muli na ang iba pang mga lipi ay inihiwalay ng Ama sa kanila; at dahil sa kanilang kasamaan kung kaya't hindi nila nalalaman ang tungkol sa kanila.

21 At katotohanang sinasabi ko sa inyo, na kayo yaong aking sinabi: Mayroon akong [a]ibang mga tupa na hindi sa kawang ito; sila ay dapat ko ring dalhin, at kanilang diringgin ang aking tinig; at magkakaroon ng isang kawan, at isang pastol.

22 At hindi nila ako naunawaan, sapagkat inakala nila na iyon ay ang mga [a]Gentil; sapagkat hindi nila naunawaan na ang mga Gentil ay [b]magbabalik-loob sa pamamagitan ng kanilang pangangaral.

23 At hindi nila ako naunawaan nang sinabi ko na kanilang maririnig ang aking tinig; at hindi nila ako naunawaan na ang mga [a]Gentil ay hindi kailanman makaririnig ng aking tinig—na ako ay hindi magpapakilala ng aking sarili sa kanila maliban kung ito ay sa pamamagitan ng [b]Espiritu Santo.

24 Ngunit masdan, inyong narinig kapwa ang [a]aking tinig at nakita ako; at kayo ay aking mga tupa, at kayo ay kabilang sa mga yaong [b]ibinigay sa akin ng Ama.

## KABANATA 16

*Si Jesus ay dadalaw sa mga ibang nawawalang tupa ng Israel—Sa mga huling araw ang ebanghelyo ay dadako sa mga Gentil at pagkatapos ay sa sambahayan ni Israel—Ang mga tao ng Panginoon ay makakikita nang mata sa mata sa kanyang muling pagbabalik ng Sion. Mga A.D. 34.*

At katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo na ako ay may [a]iba pang tupa na hindi sa lupaing ito, ni sa lupain ng Jerusalem, ni saan mang mga dako ng lupain sa pali-paligid na akin nang napaglingkuran.

2 Sapagkat sila na aking tinutukoy ay silang mga hindi pa nakaririnig sa aking tinig; ni hindi ko kailan pa man naipakita ang aking sarili sa kanila.

3 Ngunit nakatanggap ako ng utos mula sa Ama na ako ay magtungo sa [a]kanila, at pakinggan nila ang aking tinig, at mapabibilang sila sa aking mga tupa, upang magkaroon ng isang kawan at isang pastol; kaya nga, ako ay paroroon upang ipakita ang aking sarili sa kanila.

---

21*a* Juan 10:14–16.
22*a* GBK Gentil, Mga.
*b* Gawa 10:34–48.
23*a* Mat. 15:24.
*b* 1 Ne. 10:11.
GBK Espiritu Santo.
24*a* Alma 5:38;
3 Ne. 16:1–5.
*b* Juan 6:37;
D at T 27:14.
**16** 1*a* 3 Ne. 15:15.
GBK Israel—Ang sampung nawawalang lipi ni Israel.
3*a* 3 Ne. 17:4.

4 At ipinag-uutos ko sa inyo
na isulat ninyo ang mga [a]salitang ito kapag ako ay wala na, nang kung magkagayon na ang mga tao ko sa Jerusalem, silang nakakita na sa akin at nakapiling ko sa aking ministeryo, ay hindi humihiling sa Ama sa aking pangalan, na sila ay magkaroon ng kaalaman tungkol sa inyo, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, at tungkol din sa iba pang mga liping hindi nila kilala, na ang mga salitang ito na inyong isusulat ay iingatan at ipaaalam sa mga [b]Gentil upang sa pamamagitan ng kaganapan ng mga Gentil, ang labi sa kanilang mga binhi, na kakalat kung saan-saang dako sa balat ng lupa dahil sa kawalan nila ng paniniwala, ay mapasanib o madala sa [c]kaalaman tungkol sa akin, na kanilang Manunubos.
5 At pagkatapos sila ay [a]titipunin ko mula sa apat na sulok ng mundo; at pagkatapos ay tutuparin ko ang [b]ipinakipagtipan ng Ama sa lahat ng tao sa [c]sambahayan ni Israel.
6 At pagpapalain ang mga
[a]Gentil, dahil sa kanilang paniniwala sa akin, at sa [b]Espiritu Santo, na siyang nagpapatotoo sa kanila tungkol sa akin at sa Ama.
7 Masdan, dahil sa kanilang paniniwala sa akin, wika ng Ama, at dahil sa inyong kawalang-paniniwala, O sambahayan ni Israel, sa [a]huling araw ay ipahahayag ang katotohanan sa mga Gentil, upang ang kaganapan ng mga bagay na ito ay maipaalam sa kanila.
8 Ngunit sa aba nila, wika ng Ama, sa kawalang-paniniwala ng mga Gentil—sapagkat sa kabila nang sila ay naparito sa ibabaw ng lupaing ito, at [a]naikalat ang aking mga tao na kabilang sa sambahayan ni Israel; at ang aking mga tao na kabilang sa sambahayan ni Israel ay [b]itinaboy mula sa kanila at niyurakan sa ilalim ng mga paa nila.
9 At dahil sa awa ng Ama sa mga Gentil, at gayon din sa mga kahatulan ng Ama sa aking mga tao na kabilang sa sambahayan ni Israel, katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, na pagkatapos ng lahat ng ito, at pinapangyari ko na ang aking mga tao, na kabilang sa sambahayan ni Israel na bagabagin, at pahirapan, at [a]patayin, at itaboy mula sa kanila, at kanilang kapootan, at naging bulung-bulungan at bukambibig sa kanila—
10 At sa gayon iniutos ng Ama na sabihin ko sa inyo: Sa araw na yaon na ang mga Gentil ay magkasala laban sa aking ebanghelyo, at tatanggihan ang kabuuan ng aking ebanghelyo,

4*a* GBK Banal na Kasulatan, Mga.
*b* 1 Ne. 10:14; 3 Ne. 21:6.
*c* Ez. 20:42–44; 3 Ne. 20:13.
5*a* GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
*b* 3 Ne. 5:24–26.
*c* 1 Ne. 22:9; 3 Ne. 21:26–29.
6*a* 1 Ne. 13:30–42; 2 Ne. 30:3.
*b* 2 Ne. 32:5; 3 Ne. 11:32, 35–36. GBK Espiritu Santo.
7*a* GBK Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo.
8*a* 1 Ne. 13:14; Morm. 5:9, 15.
*b* 3 Ne. 20:27–29.
9*a* Amos 9:1–4.

at [a]iaangat sa kapalaluan ang
kanilang mga puso nang higit
pa sa lahat ng bansa, at higit pa
sa lahat ng tao sa buong mun-
do, at mapupuspos ng lahat ng
uri ng kasinungalingan, at mga
panlilinlang, at kalokohan, at
lahat ng uri ng pagkukunwari,
at mga pagpaslang, at [b]huwad
na pagkasaserdote, at pagpa-
patutot, at lihim na karumal-
dumal na gawain, at kung ka-
nilang gagawin ang lahat ng
bagay na yaon, at tatanggihan
ang kabuuan ng aking ebang-
helyo, masdan, wika ng Ama,
dadalhin ko ang kabuuan ng
aking ebanghelyo magmula sa
kanila.
11 At kung magkagayon,
[a]aalalahanin ko ang aking ti-
pan na aking ginawa sa aking
mga tao, O sambahayan ni Isra-
el, at aking dadalhin ang aking
ebanghelyo sa kanila.
12 At ipakikita ko sa inyo, O
sambahayan ni Israel, na ang
mga Gentil ay hindi magkaka-
roon ng kapangyarihan sa inyo;
kundi aking aalalahanin ang
aking tipan sa inyo, O sambaha-
yan ni Israel, at kayo'y magka-
karoon ng [a]kaalaman ng kabu-
uan ng aking ebanghelyo.
13 Ngunit kung ang mga Gen-
til ay magsisisi at magbabalik sa
akin, wika ng Ama, masdan, sila
ay [a]mapapabilang sa aking mga
tao, O sambahayan ni Israel.
14 At hindi ko pahihintulutan
ang aking mga tao, na kabilang
sa sambahayan ni Israel, na
makasalamuha nila at yurakan
sila, wika ng Ama.
15 Datapwat kung hindi sila
magbabalik sa akin, at maki-
kinig sa aking tinig, pahihin-
tulutan ko sila, oo, pahihin-
tulutan ko ang aking mga tao,
O sambahayan ni Israel, na
makasalamuha nila, at [a]yuyura-
kan sila, at sila'y magiging
mistulang asin na nawalan ng
lasa, na kung magkagayon ay
wala nang kabuluhan kundi
ang itapon at yapakan sa ilalim
ng paa ng aking mga tao, O
sambahayan ni Israel.
16 Katotohanan, katotohanan,
sinasabi ko sa inyo, ganoon ako
inutusan ng Ama—na dapat
kong ibigay sa mga taong ito
ang lupaing ito bilang kanilang
mana.
17 At pagkatapos, ang mga
[a]salita ng propetang si Isaias ay
matutupad, sinasabing:
18 Ang [a]inyong mga [b]tagaban-
tay ay magtataas ng tinig; sa pa-
mamagitan ng magkakasamang
tinig sila ay aawit, sapagkat ka-
nilang makikita nang mata sa
mata kung kailan ibabalik na
muli ng Panginoon ang Sion.
19 Magpakagalak, magsiawit
nang magkakasama, kayong
mga nawasak na dako ng Jeru-
salem; sapagkat inaliw ng Pa-

10*a* Morm. 8:35–41.
*b* 2 Ne. 26:29.
11*a* 3 Ne. 21:1–11; Morm. 5:20.
12*a* Hel. 15:12–13.
13*a* Gal. 3:7, 29; 1 Ne. 15:13–17; 2 Ne. 10:18; 3 Ne. 30:2; Abr. 2:9–11.
15*a* Mi. 5:8–15; 3 Ne. 20:16–19; 21:12–21; D at T 87:5.
17*a* 3 Ne. 20:11–12.
18*a* Is. 52:8–10.
*b* Ez. 33:1–7. GBK Magbantay, Mga Tagabantay.

nginoon ang kanyang mga tao,
tinubos niya ang Jerusalem.
20 Ipinakita ng Panginoon ang
kanyang banal na bisig sa paningin ng lahat ng bansa; at lahat
ng dulo ng mundo ay makakikita sa pagliligtas ng Diyos.

## KABANATA 17

*Inatasan ni Jesus ang mga tao na pagbulay-bulayin ang kanyang mga salita at manalangin sa ikauunawa—Pinagaling niya ang kanilang mga maykaramdaman—Ipinanalangin niya ang mga tao, na gumagamit ng wikang hindi maisusulat—Ang mga anghel ay naglingkod at ang apoy ay pumaligid sa kanilang mga musmos. Mga* A.D. *34.*

MASDAN, ngayon ito ay nangyari na, nang sabihin ni Jesus
ang mga salitang ito, muli niyang nilibot ng tingin ang maraming tao at kanyang sinabi
sa kanila: Masdan, ang [a]oras ko
ay nalalapit na.
2 Nahihiwatigan ko na kayo
ay mahihina, na hindi ninyo
[a]nauunawaan ang lahat ng salitang inuutos sa akin ng Ama na
sabihin sa inyo sa panahong ito.
3 Kaya nga, magsiuwi kayo sa
inyong mga tahanan, at [a]bulay-bulayin ang mga bagay na aking
sinabi, at tanungin ang Ama, sa
aking pangalan, upang kayo'y
makaunawa, at [b]ihanda ang inyong mga isip para sa [c]kinabukasan, at ako ay paparitong
muli sa inyo.
4 Ngunit ngayon, ako ay [a]paroroon sa Ama, at [b]ipakikita rin
ang aking sarili sa [c]nawawalang lipi ni Israel, sapagkat sila
ay hindi nawawala sa Ama,
sapagkat alam niya kung saan
niya dinala sila.
5 At ito ay nangyari na, nang
makapagsalita nang gayon si
Jesus, muli niyang iginala ang
kanyang mga paningin sa maraming tao, at namasdan na sila
ay luhaan, at nakatitig sa kanya
na waring kanilang hinihiling sa
kanya na magtagal pa nang kaunti sa kanila.
6 At kanyang sinabi sa kanila:
Masdan, ang aking sisidlan ay
puspos ng [a]pagkahahabag sa inyo.
7 Mayroon bang maykaramdaman sa inyo? Dalhin sila rito.
Mayroon ba sa inyong pilay, o
bulag, o lumpo, o baldado, o
ketongin, o mga may dinaramdam, o yaong mga bingi, o yaong mga nahihirapan sa anumang dahilan? Dalhin sila rito at
akin silang pagagalingin, sapagkat ako ay nahahabag sa inyo;
ang aking sisidlan ay puspos ng
awa.
8 Sapagkat nahihiwatigan ko
na nais ninyong ipakita ko sa
inyo ang ginawa ko sa inyong
mga kapatid sa Jerusalem, sa-

**17** 1*a* IE makabalik sa Ama. Tingnan sa talata 4.
2*a* Juan 16:12; D at T 78:17–18.
3*a* GBK Pagbulay-bulay.
*b* D at T 132:3.
*c* 3 Ne. 19:2.
4*a* 3 Ne. 18:39.
*b* 3 Ne. 16:1–3.
*c* GBK Israel—Ang sampung nawawalang lipi ni Israel.
6*a* GBK Pagkahahabag.

pagkat nakikita ko na [a]sapat
ang inyong [b]pananampalataya
upang kayo ay pagalingin ko.
9 At ito ay nangyari na, nang
siya ay makapagsalita nang ga-
yon, lahat ng tao, ay magkaka-
ayong humayo kasama ang ka-
nilang maykaramdaman at mga
nahihirapan, at kanilang mga
lumpo, at kasama ang kanilang
mga bulag, at kasama ang kani-
lang mga pipi, at ang lahat sa
kanila na nahihirapan sa anu-
mang dahilan; at [a]pinagaling
niya ang bawat isa sa kanila na
dinala sa kanya.
10 At lahat sila, kapwa sila na
mga napagaling at sila na mga
walang sakit, ay yumukod sa
kanyang paanan, at sinamba
siya; at kasindami ng nakalapit
sa maraming tao ay [a]humalik sa
kanyang mga paa, kung kaya
nga't napaliguan nila ng kani-
lang mga luha ang kanyang
mga paa.
11 At ito ay nangyari na, na
kanyang iniutos na ang kani-
lang [a]maliliit na anak ay ilapit.
12 Kaya inilapit nila ang kani-
lang maliliit na anak at inilapag
sa lupa na nakapalibot sa kanya,
at si Jesus ay tumayo sa gitna; at
ang maraming tao ay nagbigay-
daan hanggang sa ang lahat ay
madala sa kanya.
13 At ito ay nangyari na, nang
madala na ang lahat, at si Jesus
ay nakatayo sa gitna, kanyang
inutusan ang maraming tao na
sila ay [a]lumuhod sa lupa.
14 At ito ay nangyari na,
nang sila ay nakaluhod na sa
lupa, si Jesus ay naghinagpis
sa kanyang sariling kalooban
at nagsabi: Ama, ako ay [a]na-
babahala dahil sa kasamaan
ng mga tao ng sambahayan ni
Israel.
15 At nang sabihin niya ang
mga salitang ito, siya rin na-
man ay lumuhod din sa lupa; at
masdan, siya ay nanalangin sa
Ama, at ang mga bagay na kan-
yang idinalangin ay hindi maa-
aring isulat, at ang maraming
tao ay nagpatotoo na mga naka-
rinig sa kanya.
16 At sa ganitong pamamara-
an sila nagpatotoo: Kailanman
ay hindi pa nakita ng [a]mata, ni
narinig ng tainga, ang gayong
kadakila at mga kagila-gilalas
na bagay na aming nakita at
narinig na winika ni Jesus sa
Ama;
17 At walang [a]dilang maaaring
bumigkas, ni maaaring isulat ng
sinumang tao, ni maaaring mau-
nawaan ng puso ng mga tao ang
gayong kadakila at mga kagila-
gilalas na bagay kagaya ng kap-
wa namin nakita at narinig na
winika ni Jesus; at walang sinu-
mang makauunawa sa kagala-
kang pumuspos sa aming mga
kaluluwa sa panahong narinig
namin siyang nanalangin sa
Ama para sa amin.
18 At ito ay nangyari na, nang
matapos si Jesus sa pananala-
ngin sa Ama, siya ay tumayo;

8*a* 2 Ne. 27:23; Eter 12:12.
*b* Lu. 18:42.
9*a* Mos. 3:5; 3 Ne. 26:15.
10*a* Lu. 7:38.
11*a* Mat. 19:13–14; 3 Ne. 26:14, 16.
13*a* Lu. 22:41; Gawa 20:36.
14*a* Moi. 7:41.
16*a* Is. 64:4; 1 Cor. 2:9; D at T 76:10, 114–119.
17*a* 2 Cor. 12:4.

ngunit napakalaki ng [a]kagalakan ng maraming tao kung kaya't sila ay nadaig.
19 At ito ay nangyari na, na si Jesus ay nangusap sa kanila, at inutusan silang tumayo.
20 At sila ay tumayo mula sa lupa, at winika niya sa kanila: Pinagpala kayo dahil sa inyong pananampalataya. At ngayon masdan, ang aking kagalakan ay lubos.
21 At nang sabihin niya ang mga salitang ito, siya ay [a]tumangis, at ang maraming tao ay nagpatotoo nito, at kinuha ang kanilang maliliit na anak, isa-isa, at [b]binasbasan sila, at nanalangin sa Ama para sa kanila.
22 At nang magawa na niya ito, siya ay muling tumangis;
23 At nangusap siya sa maraming tao, at sinabi sa kanila: Masdan ang inyong mga musmos.
24 At nang sila ay tumingin upang pagmasdan ay itinuon nila ang kanilang mga paningin sa langit, at kanilang nakitang bumukas ang kalangitan, at nakita nila ang mga anghel na bumababa mula sa langit na parang ito ay nasa gitna ng apoy; at sila ay bumaba at [a]pinalibutan yaong mga musmos, at sila ay napalibutan ng apoy; at ang mga anghel ay naglingkod sa kanila.
25 At ang maraming tao ay nakakita at nakarinig at nagpatotoo; at alam nila na ang kanilang patotoo ay totoo sapagkat lahat sila ay nakakita at nakarinig, bawat tao para sa kanyang sarili; at ang kanilang bilang ay may mga dalawang libo at limang daang katao; at sila ay binubuo ng mga kalalakihan, kababaihan, at bata.

## KABANATA 18

*Pinasimulan ni Jesus ang sakramento sa mga Nephita—Sila ay inutusan na laging manalangin sa kanyang pangalan—Sila na kumakain ng kanyang laman at umiinom ng kanyang dugo nang hindi karapat-dapat ay mapapahamak—Ang mga disipulo ay binigyan ng kapangyarihang magkaloob ng Espiritu Santo. Mga A.D. 34.*

AT ito ay nangyari na, na inutusan ni Jesus ang kanyang mga disipulo na sila ay magdala ng ilang [a]tinapay at alak sa kanya.
2 At habang sila ay wala upang kumuha ng tinapay at alak, inutusan niya ang maraming tao na sila ay magsiupo sa lupa.
3 At nang dumating ang mga disipulo na may dalang [a]tinapay at alak, kinuha niya ang tinapay at pinagputul-putol at binasbasan ito; at kanyang ibinigay sa mga disipulo at iniutos na sila ay kumain.
4 At nang sila ay nakakain at nabusog, kanyang iniutos na kanilang nararapat bigyan ang maraming tao.
5 At nang ang maraming tao ay nakakain at nabusog, kan-

18*a* GBK Kagalakan.
21*a* Juan 11:35.
*b* Mar. 10:14–16.
24*a* Hel. 5:23–24, 43–45.
**18** 1*a* Mat. 26:26–28.
3*a* GBK Sakramento.

yang sinabi sa mga disipulo:
Masdan, magkakaroon ng isang
oordenan sa inyo, at sa kanya
ibibigay ko ang kapangyarihang
[a]pagputul-putulin ang tinapay
at basbasan ito at ibigay ito sa
mga tao ng aking simbahan, sa
lahat ng yaong maniniwala at
magpapabinyag sa aking pa-
ngalan.
6 At ito ay lagi ninyong ga-
gawin, maging katulad ng aking
ginawa, maging katulad ng pag-
putul-putol ko ng tinapay at bi-
nasbasan ito at ibinigay ito sa
inyo.
7 At ito ay gagawin ninyo sa
[a]pag-alaala sa aking katawan,
na ipinakita ko sa inyo. At ito
ay magiging patotoo sa Ama
na lagi ninyo akong naaalaala.
At kung lagi ninyo akong aala-
lahanin ang aking Espiritu ay
mapapasainyo.
8 At ito ay nangyari na, nang
sabihin niya ang mga salitang
ito, inutusan niya ang kanyang
mga disipulo na kanilang ku-
nin ang alak sa saro at inumin
ito, at kanila ring nararapat big-
yan ang maraming tao upang
sila rin ay makainom nito.
9 At ito ay nangyari na, na gi-
nawa nila ang gayon, at sila ay
uminom nito at nabusog; at ka-
nilang ibinigay sa maraming
tao, at sila ay uminom, at sila ay
nabusog.
10 At nang magawa na ito ng
mga disipulo, sinabi ni Jesus sa
kanila: Pinagpala kayo sa bagay
na ito na inyong ginawa, sapag-
kat ito ay pagtupad sa aking
mga kautusan, at ito ang suma-
saksi sa Ama na kayo ay naha-
handang gawin ang yaong ini-
utos ko sa inyo.
11 At ito ay lagi ninyong ga-
gawin sa mga yaong nagsisisi
at nabinyagan sa aking panga-
lan; at gagawin ninyo ito sa pag-
alaala sa aking dugo, na aking
pinabuhos para sa inyo, upang
kayo ay sumaksi sa Ama na lagi
ninyo akong naaalaala. At kung
lagi ninyo akong aalalahanin
ang aking Espiritu ay mapapa-
sainyo.
12 At ibinibigay ko sa inyo
ang kautusan na gawin ninyo
ang mga bagay na ito. At kung
lagi ninyong gagawin ang mga
bagay na ito ay pinagpala kayo,
sapagkat kayo ay nakatayo sa
aking [a]bato.
13 Ngunit sinuman sa inyo
ang gagawa ng labis o kulang
kaysa rito ay hindi nakatayo
sa aking bato, kundi nakatayo
sa saligang buhangin; at kapag
bumuhos ang ulan, at ang mga
baha ay dumating, at ang ha-
ngin ay umihip, at humampas
sa kanila, sila ay [a]babagsak, at
ang mga [b]pasukan ng impiyerno
ay nakahandang bukas upang
tanggapin sila.
14 Anupa't pinagpala kayo
kung susundin ninyo ang aking
mga kautusan, na iniutos ng
Ama sa akin na nararapat kong
ibigay sa inyo.
15 Katotohanan, katotohanan,
sinasabi ko sa inyo, kinakaila-

5*a* Moro. 4.
7*a* Moro. 4:3.
12*a* GBK Bato.
13*a* GBK Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan.
*b* 3 Ne. 11:39.

ngan kayong mag-ingat at la-
ging [a]manalangin, na baka kayo
ay matukso ng diyablo, at maa-
kay niya kayong palayo na bi-
hag niya.
16 At katulad ng aking nai-
panalangin sa inyo maging sa
gayon kayo ay manalangin sa
aking simbahan, sa aking mga
tao na nagsisisi at nagpabinyag
sa aking pangalan. Masdan, ako
ang [a]ilaw; ipinakita ko ang isang
[b]halimbawa sa inyo.
17 At ito ay nangyari na, nang
sabihin ni Jesus ang mga sa-
litang ito sa kanyang mga di-
sipulo, muli siyang humarap
sa maraming tao at sinabi sa
kanila:
18 Masdan, katotohanan, ka-
totohanan, sinasabi ko sa inyo,
na kinakailangan kayong mag-
ingat at laging manalangin na
baka kayo ay madala sa tukso;
sapagkat nais ni [a]Satanas na
kayo ay maging kanya, upang
matahip niya kayo na katulad
ng trigo.
19 Kaya nga, kinakailangan
na lagi kayong manalangin sa
Ama sa aking pangalan;
20 At [a]anuman ang hingin nin-
yo sa Ama sa aking pangalan,
na tama, naniniwalang inyong
tatanggapin, masdan, ipagkaka-
loob ito sa inyo.
21 [a]Manalangin kayo sa inyong
mag-anak sa Ama, lagi sa aking
pangalan, nang ang inyong mga
asawa at inyong mga anak ay
pagpalain.
22 At masdan, kayo ay mag-
tipun-tipon nang madalas; at
huwag ninyong pagbabawalan
ang sinumang tao mula sa pag-
sama sa inyo kung kayo ay nag-
kakatipong magkakasama, kun-
di pahintulutan ninyo na sila ay
sumama sa inyo at huwag ninyo
silang pagbawalan.
23 Sa halip kayo ay [a]manala-
ngin para sa kanila, at huwag
silang itataboy; at kung mang-
yayari na sila ay sasama sa inyo
nang madalas, ipanalangin nin-
yo sila sa Ama, sa aking panga-
lan.
24 Samakatwid, itaas ninyo
ang inyong [a]ilawan upang ito
ay magliwanag sa sanlibutan.
Masdan, ako ang [b]ilaw na in-
yong itataas—yaong kung alin
ay nakita ninyong aking gina-
wa. Masdan, nakita ninyo na
ako ay nanalangin sa Ama, at
lahat kayo ay nakasaksi.
25 At nakita ninyong iniutos
ko na [a]walang isa man sa inyo
ang umalis, kundi iniutos ko na
kayo ay lumapit sa akin, nang
inyong [b]madama at makita; ma-
ging gayon din ang inyong ga-
gawin sa sanlibutan; at sinuman
ang lalabag sa kautusang ito ay
pinahihintulutan ang kanyang
sarili na maakay sa tukso.
26 At ngayon, ito ay nangyari
na, nang sabihin ni Jesus ang

15*a* Alma 34:17–27.
GBK Panalangin.
16*a* GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo.
*b* GBK Jesucristo—Halimbawa ni Jesucristo.
18*a* Lu. 22:31;
2 Ne. 2:17–18;
D at T 10:22–27.
20*a* Mat. 21:22;
Hel. 10:5;
Moro. 7:26;
D at T 88:63–65.
21*a* Alma 34:21.
23*a* 3 Ne. 18:30.
24*a* Mat. 5:16.
*b* Mos. 16:9.
25*a* Alma 5:33.
*b* 3 Ne. 11:14–17.

mga salitang ito, muli siyang tu-
mingin sa mga disipulo na kan-
yang pinili, at sinabi sa kanila:
27 Masdan, katotohanan, ka-
totohanan, sinasabi ko sa inyo,
binibigyan ko kayo ng isa pang
kautusan, at pagkatapos ako
ay paroroon na sa aking [a]Ama
upang matupad ko ang [b]iba
pang mga kautusang ibinigay
niya sa akin.
28 At ngayon masdan, ito ang
kautusang ibinibigay ko sa inyo,
na huwag ninyong pahihintu-
lutang sadyang [a]bumahagi ng
aking laman at dugo ang sinu-
man na [b]hindi karapat-dapat,
kapag inyong ihahain ito;
29 Sapagkat sinuman ang ku-
main at uminom ng aking la-
man at [a]dugo nang [b]hindi kara-
pat-dapat ay kumakain at umi-
inom ng kapahamakan sa kan-
yang kaluluwa; anupa't kung
nalalaman ninyo na ang isang
tao ay hindi karapat-dapat ku-
main at uminom ng aking la-
man at dugo, pagbawalan nin-
yo siya.
30 Gayunpaman, huwag ninyo
siyang [a]itataboy palabas mula sa
inyo, kundi inyong paglilingku-
ran siya at mananalangin para
sa kanya sa Ama, sa aking pa-
ngalan; at kung mangyayari na
siya ay magsisi at mabinyagan
sa aking pangalan, sa gayon siya
ay tatanggapin ninyo, at ihaha-
in sa kanya ang aking laman at
dugo.
31 Ngunit kung hindi siya
magsisisi siya ay hindi mabibi-
lang sa aking mga tao, upang
hindi niya malipol ang aking
mga tao, sapagkat masdan, ki-
lala ko ang [a]aking mga tupa, at
sila ay bilang.
32 Gayunpaman, huwag ninyo
siyang itataboy palabas ng in-
yong mga sinagoga, o sa inyong
mga pook ng sambahan, sapag-
kat sa mga yaon kayo ay patu-
loy na maglilingkod; sapagkat
hindi ninyo alam kung sila ay
magbabalik at magsisisi, at la-
lapit sa akin nang may buong la-
yunin ng puso, at [a]pagagalingin
ko sila; at kayo ang magiging
daan ng pagdadala ng kaligta-
san sa kanila.
33 Samakatwid, sundin ang
mga salitang ito na iniutos ko
sa inyo upang kayo ay huwag
mapasailalim sa [a]sumpa; sapag-
kat sa aba niya na susumpain
ng Ama.
34 At ibinibigay ko sa inyo
ang mga kautusang ito dahil sa
mga pagtatalo na nasa inyo. At
pinagpala kayo kung kayo ay
[a]walang pagtatalo sa inyo.
35 At ngayon, ako ay paroro-
on sa Ama, sapagkat nararapat
na ako ay pumaroon sa Ama
[a]alang-alang sa inyo.
36 At ito ay nangyari na, nang

27*a* GBK Diyos, Panguluhang Diyos—Diyos Ama.
*b* 3 Ne. 16:1–3.
28*a* 1 Cor. 11:27–30.
*b* Morm. 9:29.
29*a* GBK Dugo; Sakramento.
*b* D at T 46:4.
30*a* D at T 46:3.
31*a* Juan 10:14; Alma 5:38; 3 Ne. 15:24.
32*a* 3 Ne. 9:13–14; D at T 112:13.
33*a* GBK Kaparusahan, Parurusahan.
34*a* 3 Ne. 11:28–30.
35*a* 1 Juan 2:1; 2 Ne. 2:9; Moro. 7:27–28; D at T 29:5.

matapos na si Jesus sa mga pa-
nanalitang ito, hinawakan niya
ng kanyang [a]kamay ang mga
[b]disipulo na kanyang pinili, isa-
isa, maging hanggang sa maha-
wakan niya silang lahat, at nag-
salita sa kanila habang kanyang
hawak sila.
37 At hindi narinig ng mara-
ming tao ang mga salitang kan-
yang winika, kaya nga, hindi
sila nakapagpatotoo; ngunit
ang mga disipulo ay nagpa-
totoo na kanyang ibinigay sa
kanila ang [a]kapangyarihan na
magkaloob ng [b]Espiritu Santo.
At ipakikita ko sa inyo pagka-
raan nito na ang patotoong ito
ay totoo.
38 At ito ay nangyari na, nang
matapos mahawakan silang la-
hat ni Jesus, ay nagkaroon ng
[a]ulap at lumilim sa maraming
tao kung kaya't hindi nila ma-
kita si Jesus.
39 At habang sila ay nalili-
liman, siya ay lumisan mula
sa kanila, at umakyat sa langit.
At nakita ng mga disipulo at
nagpatotoo na siya ay muling
umakyat sa langit.

## KABANATA 19

*Ang labindalawang disipulo ay naglingkod sa mga tao at nanalangin para sa Espiritu Santo—Ang mga disipulo ay bininyagan at tumanggap ng Espiritu Santo at ng paglilingkod ng mga anghel—Nanalangin si Jesus na ang ginamit ay mga salitang hindi maaaring isulat—Nagpatunay siya sa labis-labis na pananampalataya ng mga Nephita na ito. Mga* A.D. *34.*

At ngayon ito ay nangyari na,
nang si Jesus ay nakaakyat na
sa langit, ang maraming tao ay
naghiwa-hiwalay, at ang bawat
lalaki ay ipinagsama ang kan-
yang asawa at mga anak at nag-
sibalik sa kani-kanilang sariling
tahanan.
2 At ito ay maingay na kuma-
lat kaagad sa mga tao, bago pa
nagdilim, na nakita ng mara-
ming tao si Jesus, at siya ay
naglingkod sa kanila, at muli
siyang magpapakita kinabuka-
san sa maraming tao.
3 Oo, at maging sa buong
magdamag ay maingay na ku-
malat ang hinggil kay Jesus; at
hanggang sa sila ay nagpasabi
sa mga tao kung kaya't mara-
mi, oo, lubhang napakalaki ng
bilang, ang nagpagal nang labis
sa buong magdamag na yaon,
upang sa kinabukasan sila ay
naroroon sa pook kung saan ipi-
nakita ni Jesus ang sarili sa ma-
raming tao.
4 At ito ay nangyari na, na ki-
nabukasan, nang ang maraming
tao ay nagkakatipong magkaka-
sama, masdan, si Nephi at ang
kanyang kapatid na kanyang
ibinangon mula sa patay, na ang
pangalan ay Timoteo, at gayon
din ang kanyang anak, na ang
pangalan ay Jonas, at gayon din
si Mathoni, at si Mathonihas, na
kanyang kapatid, at si Kumen,
at si Kumenonhi, at si Jeremias,

36*a* GBK Kamay, Pagpapatong ng mga.
*b* 1 Ne. 12:7; 3 Ne. 19:4.
37*a* GBK Kapangyarihan.
*b* GBK Kaloob na Espiritu Santo.
38*a* Ex. 19:9, 16.

at si Semnon, at si Jonas, at si
Zedekias, at si Isaias—ngayon,
ito ang mga pangalan ng mga
disipulo na pinili ni Jesus—at
ito ay nangyari na, na sila ay
humayo at tumayo sa gitna ng
maraming tao.
5 At masdan, ang mga tao ay
lubhang napakarami kung kaya't kanilang pinapangyari na
sila ay hatiin sa labindalawang
pangkat.
6 At ang labindalawa ay nagturo sa maraming tao; at masdan, kanilang pinapangyari na
ang maraming tao ay lumuhod
sa lupa, at manalangin sa Ama
sa pangalan ni Jesus.
7 At ang mga disipulo ay nanalangin din sa Ama sa pangalan
ni Jesus. At ito ay nangyari na,
na sila ay tumayo at naglingkod
sa mga tao.
8 At nang kanilang maipangaral ang mga gayon ding salita na
winika ni Jesus—walang pagkakaiba sa mga salitang winika
ni Jesus—masdan, muli silang
lumuhod at nanalangin sa Ama
sa pangalan ni Jesus.
9 At sila ay nanalangin para
roon sa kanilang higit na ninanais; at ninais nila na ang
[a]Espiritu Santo ay ipagkaloob
sa kanila.
10 At nang sila ay makapanalangin nang gayon, sila ay bumaba sa gilid ng tubig, at ang
maraming tao ay sumunod sa
kanila.
11 At ito ay nangyari na, na si
Nephi ay bumaba [a]sa tubig at
bininyagan.
12 At siya ay umahon sa tubig
at nagsimulang magbinyag. At
kanyang bininyagan lahat ng
yaong pinili ni Jesus.
13 At ito ay nangyari na, nang
silang lahat ay [a]mabinyagan at
makaahon sa tubig, ang Espiritu
Santo ay napasakanila, at sila ay
napuspos ng [b]Espiritu Santo at
ng apoy.
14 At masdan, sila ay [a]napaligiran ng sa wari'y apoy, at ito
ay bumaba mula sa langit, at
ang maraming tao ay nakasaksi
rito, at nagpatotoo; at ang mga
anghel ay bumaba mula sa langit at naglingkod sa kanila.
15 At ito ay nangyari na, na
samantalang ang mga anghel
ay naglilingkod sa mga disipulo, masdan, dumating si Jesus at
tumayo sa gitna at naglingkod
sa kanila.
16 At ito ay nangyari na, na
siya ay nangusap sa maraming
tao, at inutusan silang lumuhod
na muli sa lupa, at gayon din na
ang kanyang mga disipulo ay
nararapat magsiluhod sa lupa.
17 At ito ay nangyari na, nang
silang lahat ay nakaluhod na sa
lupa, inutusan niya ang kanyang mga disipulo na sila ay
manalangin.
18 At masdan, sila ay nagsimulang manalangin; at sila ay nanalangin kay Jesus, tinatawag
siya na kanilang Panginoon at
kanilang Diyos.

**19** 9*a* 3 Ne. 9:20.
11*a* 3 Ne. 11:23.
13*a* GBK Pagbibinyag, Binyagan.
*b* 3 Ne. 12:2; Morm. 7:10. GBK Kaloob na Espiritu Santo.
14*a* Hel. 5:23–24, 43–45; 3 Ne. 17:24.

19 At ito ay nangyari na, na si
Jesus ay umalis sa gitna nila, at
lumayo nang kaunti sa kanila
at iniyukod niya ang sarili sa
lupa, at kanyang sinabi:
20 Ama, nagpapasalamat ako
sa inyo na inyong ipinagkaloob
ang Espiritu Santo sa mga ito
na aking pinili; at ito ay dahil
sa kanilang paniniwala sa akin
kung kaya't pinili ko sila mula
sa sanlibutan.
21 Ama, idinadalangin ko sa
inyo na ipagkaloob ninyo ang
Espiritu Santo sa kanilang lahat
na maniniwala sa kanilang mga
salita.
22 Ama, ipinagkaloob ninyo
sa kanila ang Espiritu Santo sapagkat
sila ay naniniwala sa
akin; at inyong nakikita na sila
ay naniniwala sa akin sapagkat
inyong naririnig sila, at sila ay
nananalangin sa akin; at sila ay
nananalangin sa akin sapagkat
ako ay kasama nila.
23 At ngayon Ama, ako ay nananalangin
sa inyo para sa kanila,
at gayon din para sa lahat ng
yaong maniniwala sa kanilang
mga salita, upang sila ay maniwala
sa akin, at nang ako ay mapasakanila
[a]kagaya ninyo, Ama,
na nasa akin, upang tayo ay maging
[b]isa.
24 At ito ay nangyari na,
nang si Jesus ay makapanalangin
nang gayon sa Ama, siya
ay lumapit sa kanyang mga disipulo,
at masdan, sila ay nagpatuloy,
nang walang humpay,
sa pananalangin sa kanya; at
hindi sila [a]nagparami ng mga
salita, sapagkat ipinagkaloob
sa kanila ang nararapat nilang
[b]idalangin, at sila ay puspos ng
hangarin.
25 At ito ay nangyari na, na
sila ay pinagpala ni Jesus habang
sila ay nananalangin sa
kanya; at ang kanyang mukha
ay ngumiti sa kanila, at ang liwanag
sa kanyang [a]mukha ay
suminag sa kanila, at masdan,
sila ay naging [b]kasingputi ng
anyo at kasuotan ni Jesus; at
masdan, ang kaputian niyon ay
nakahihigit sa lahat ng kaputian,
oo, maging sa walang makatutulad
sa ibabaw ng lupa sa
kaputian niyon.
26 At sinabi ni Jesus sa kanila:
Magpatuloy na manalangin; gayunpaman,
hindi sila tumigil sa
pananalangin.
27 At muli siyang tumalikod
sa kanila, at lumayo nang kaunti
at iniyukod niya ang sarili
sa lupa; at muling nanalangin
sa Ama, sinasabing:
28 Ama, nagpapasalamat ako
sa inyo na inyong [a]dinalisay yaong
aking mga pinili, dahil sa
kanilang pananampalataya, at
nananalangin ako para sa kanila,
at gayon din sa kanila na maniniwala
sa kanilang mga salita,
upang sila ay maging dalisay sa
akin, sa pamamagitan ng pananampalataya
sa kanilang mga

23*a* 3 Ne. 9:15.
*b* Juan 17:21–23.
GBK Pagkakaisa.
24*a* Mat. 6:7.
*b* D at T 46:30.
25*a* Blg. 6:23–27.
*b* GBK Pagbabagong-anyo—Mga taong nagbagong-anyo.
28*a* Moro. 7:48; D at T 50:28–29; 88:74–75.
GBK Dalisay, Kadalisayan.

salita, kagaya ng pagiging dalisay nila sa akin.
29 Ama, ako ay nananalangin
hindi para sa sanlibutan, kundi para sa mga yaong ibinigay ninyo sa akin [a]mula sa sanlibutan, dahil sa kanilang pananampalataya, upang sila ay maging dalisay sa akin, upang ako ay mapasakanila kagaya ninyo, Ama, na nasa akin, upang tayo ay maging isa, upang ako ay luwalhatiin sa kanila.
30 At nang sabihin ni Jesus
ang mga salitang ito, muli siyang lumapit sa kanyang mga disipulo; at masdan, sila ay mataimtim na nananalangin, nang walang humpay, sa kanya; at siya ay muling ngumiti sa kanila; at masdan, sila ay [a]mapuputi, maging katulad ni Jesus.
31 At ito ay nangyari na, na
siya ay muling lumayo nang kaunti at nanalangin sa Ama;
32 At hindi maaaring bigkasin
ng dila ang mga salitang kanyang idinalangin, ni maaaring [a]isulat ng tao ang mga salitang kanyang idinalangin.
33 At narinig ito ng maraming
tao at nagpatotoo; at nabuksan ang kanilang mga puso at naunawaan nila sa kanilang mga puso ang mga salitang kanyang idinalangin.
34 Gayon pa man, napakadaki-
la at kagila-gilalas ang mga salitang kanyang idinalangin kung kaya't hindi maaaring isulat, ni [a]bigkasin ang mga ito ng tao.
35 At ito ay nangyari na, nang
matapos si Jesus sa pananalangin, muli siyang lumapit sa mga disipulo, at sinabi sa kanila: Napakadakila ng [a]pananampalataya na hindi ko kailanman nakita sa lahat ng Judio; kaya nga hindi ko maipakita sa kanila ang mga gayong kadakilang himala, dahil sa [b]kawalan nila ng paniniwala.
36 Katotohanang sinasabi ko sa
inyo, walang isa man sa kanila ang nakakita ng mga gayong kadakilang bagay na inyong nakita; ni kanilang narinig ang mga gayong kadakilang bagay na inyong narinig.

## KABANATA 20

*Si Jesus ay mahimalang naglaan ng tinapay at alak at muling pinangasiwaan ang sakramento sa mga tao—Ang labi ni Jacob ay darating sa kaalaman ng Panginoon nilang Diyos at mamanahin ang Amerika—Si Jesus ang propetang katulad ni Moises, at ang mga Nephita ay anak ng mga propeta—Ang iba sa mga tao ng Panginoon ay titipunin sa Jerusalem. Mga* A.D. *34.*

At ito ay nangyari na, na inutusan niya ang maraming tao na tumigil sila sa pananalangin, gayon din ang kanyang mga disipulo. At iniutos niya sa kanila na huwag silang tumigil sa [a]pananalangin sa kanilang mga puso.

29*a* Juan 17:6.
30*a* Mat. 17:2.
32*a* D at T 76:116.
34*a* 2 Cor. 12:4; 3 Ne. 17:17.
35*a* GBK Pananampalataya.
*b* Mat. 13:58. GBK Kawalang-paniniwala.
**20** 1*a* 2 Ne. 32:9; Mos. 24:12.

2 At kanyang inutusan silang bumangon at tumayo sa kanilang mga paa. At sila ay bumangon at tumayo sa kanilang mga paa.

3 At ito ay nangyari na, na muli niyang pinagputul-putol ang tinapay at binasbasan ito, at ibinigay sa mga disipulo upang kainin.

4 At nang sila ay makakain kanyang inutusan sila na kanilang pagputul-putulin ang tinapay, at ibigay sa maraming tao.

5 At nang mabigyan na nila ang maraming tao, ibinigay rin niya sa kanila ang alak upang inumin, at inutusan silang ibigay ito sa maraming tao.

6 Ngayon, walang [a]tinapay, ni alak, na dinala ang mga disipulo, ni ang maraming tao;

7 Ngunit tunay na kanyang [a]ibinigay sa kanila ang tinapay upang kainin, at gayon din ang alak upang inumin.

8 At sinabi niya sa kanila: Siya na [a]kumakain ng tinapay na ito ay kumakain ng aking katawan sa kanyang kaluluwa; at siya na umiinom ng alak na ito ay umiinom ng aking dugo sa kanyang kaluluwa; at ang kanyang kaluluwa ay hindi kailanman magugutom ni mauuhaw, kundi mabubusog.

9 Ngayon, nang matapos makakain at makainom na lahat ang maraming tao, masdan, sila ay napuspos ng Espiritu; at sila ay sumigaw sa iisang tinig, at nagbigay-papuri kay Jesus, na kapwa nila nakita at narinig.

10 At ito ay nangyari na, nang matapos silang lahat magbigay-papuri kay Jesus, sinabi niya sa kanila: Masdan, ngayon ay natapos ko na ang kautusang iniutos ng Ama sa akin hinggil sa mga taong ito, na mga labi ng sambahayan ni Israel.

11 Natatandaan ninyo na winika ko sa inyo, at sinabi na sa panahon na ang mga [a]salita ni [b]Isaias ay matupad—masdan, yaon ay mga nakasulat, nasa harapan ninyo ang mga ito, kaya nga, saliksikin ninyo ang mga yaon—

12 At katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, na sa panahon na ang mga ito ay matupad, sa gayon yaon ang katuparan ng [a]tipan na ginawa ng Ama sa kanyang mga tao, O sambahayan ni Israel.

13 At pagkatapos, ang mga [a]labi, na malawakang [b]ikakalat sa balat ng lupa ay [c]titipunin mula sa silangan at mula sa kanluran, at mula sa timog at mula sa hilaga; at sila ay dadalhin sa [d]kaalaman ng Panginoon nilang Diyos, na siyang tumubos sa kanila.

14 At iniutos sa akin ng Ama na nararapat kong ibigay sa inyo ang [a]lupaing ito, bilang inyong mana.

6*a* Mat. 14:19–21.
7*a* Juan 6:9–14.
8*a* Juan 6:50–58; 3 Ne. 18:7. GBK Sakramento.
11*a* 3 Ne. 16:17–20; 23:1–3.
*b* 2 Ne. 25:1–5; Morm. 8:23.
12*a* 3 Ne. 15:7–8.
13*a* 3 Ne. 16:11–12; 21:2–7.
*b* GBK Israel—Ang pagkalat ng Israel.
*c* GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
*d* 3 Ne. 16:4–5.
14*a* GBK Lupang Pangako.

15 At sinasabi ko sa inyo, na
kung ang mga Gentil ay hindi
[a]magsisisi matapos ng pagpapa-
lang kanilang tatanggapin, ma-
tapos nilang maikalat ang aking
mga tao—
16 At pagkatapos kayo, na mga
labi ng sambahayan ni Jacob,
ay magtutungo sa kanila; at
kayo ay mapapasagitna nila na
magiging marami; at kayo ay
mapapasama sa kanila katulad
ng isang [a]leon sa mga hayop sa
gubat, at kagaya ng isang ba-
tang leon sa mga kawan ng
tupa, na kapag nakapasok, siya
ay [b]susunggaban at pagluluray-
lurayin, at walang makapagli-
ligtas.
17 Ang iyong mga kamay ay
itataas sa iyong mga kaaway,
at ang lahat ng iyong mga kaa-
way ay lilipulin.
18 At aking [a]titipuning sama-
sama ang aking mga tao katu-
lad ng isang tao na nag-iipon
ng kanyang mga bungkos sa
sahig ng giikan.
19 Sapagkat gagawin ko ang
aking mga tao kung kanino na-
kipagtipan ang Ama, oo, ga-
gawin kong bakal ang iyong
[a]sungay, at gagawin kong tanso
ang iyong mga kuko. At iyong
luluray-lurayin ang maraming
tao; at aking ilalaan ang kani-
lang pakinabang sa Panginoon,
at ang kanilang kabuhayan sa
Panginoon ng buong mundo.
At masdan, ako ang siyang ga-
gawa nito.
20 At ito ay mangyayari, wika
ng Ama, na ang [a]espada ng
aking katarungan ay nakau-
mang sa ulunan nila sa araw na
yaon; at maliban kung sila ay
magsisisi, ito ay babagsak sa ka-
nila, wika ng Ama, oo, maging
sa lahat ng bansa ng mga Gentil.
21 At ito ay mangyayari na
aking itatatag ang aking mga
[a]tao, O sambahayan ni Israel.
22 At masdan, aking itatatag
ang mga taong ito sa lupaing ito,
sa ikatutupad ng [a]tipang aking
ginawa sa inyong amang si Ja-
cob; at ito ay magiging isang
[b]Bagong Jerusalem. At ang ka-
pangyarihan ng langit ay ma-
papasagitna ng mga taong ito;
oo, maging [c]ako ay mapapasa-
gitna ninyo.
23 Masdan, ako ang siyang si-
nabi ni Moises, sinasabing: Ang
Panginoon ninyong Diyos ay
magbabangon sa inyo ng [a]isang
propeta sa inyo na inyong mga
kapatid, na tulad sa akin; siya
ang inyong diringgin sa lahat
ng bagay kung anuman ang sa-
sabihin niya sa inyo. At ito ay
mangyayari na ang bawat taong
hindi makikinig sa propetang
yaon ay ihihiwalay mula sa mga
tao.
24 Katotohanang sinasabi ko sa

15*a* 3 Ne. 16:10–14.
16*a* Morm. 5:24; D at T 19:27.
*b* Mi. 5:8–9; 3 Ne. 16:14–15; 21:12.
18*a* Mi. 4:12.
19*a* Mi. 4:13.
20*a* 3 Ne. 29:4.
21*a* 3 Ne. 16:8–15.
22*a* Gen. 49:22–26; D at T 57:2–3.
*b* Is. 2:2–5; 3 Ne. 21:23–24; Eter 13:1–12; D at T 84:2–4. GBK Bagong Jerusalem.
*c* Is. 59:20–21; Mal. 3:1; 3 Ne. 24:1.
23*a* Deut. 18:15–19; Gawa 3:22–23; 1 Ne. 22:20–21.

inyo, oo, at [a]lahat ng propeta
mula kay Samuel at sa mga ya-
ong sumunod, kasindami ng
nagsalita, ay nagpatotoo sa akin.
25 At masdan, kayo ang mga
anak ng mga propeta; at kayo
ay sa sambahayan ni Israel;
kayo ay sakop ng [a]tipang gina-
wa ng Ama sa inyong mga
ama, na sinasabi kay Abraham:
At [b]sa iyong binhi lahat ng mag-
kakamag-anak sa lupa ay pag-
papalain.
26 Ang Ama na ibinangon
akong una sa inyo, at isinugo
ako upang pagpalain kayo sa
[a]pagtalikod ng bawat isa sa inyo
mula sa kanyang mga kasama-
an; at ito ay dahil sa kayo ay
mga anak ng tipan—
27 At matapos na kayo ay pag-
palain ay tutuparin ng Ama ang
tipang ginawa niya kay Abra-
ham, sinasabing: [a]Sa iyong binhi
ang lahat ng magkakamag-anak
sa lupa ay pagpapalain—sa
pagbubuhos ng Espiritu Santo
sa pamamagitan ko sa mga
Gentil, kung aling mga pagpa-
pala sa mga [b]Gentil ay gagawin
silang makapangyarihan sa la-
hat, hanggang sa pagkakalat
ng aking mga tao, O sambaha-
yan ni Israel.
28 At sila ay magiging [a]pang-
hagupit sa mga tao sa lupaing
ito. Gayunman, kung kanilang
matanggap ang kabuuan ng
aking ebanghelyo, at kung ka-
nilang patitigasin ang kanilang
mga puso laban sa akin ay iba-
balik ko ang kanilang mga ka-
samaan sa kanilang sariling mga
ulo, wika ng Ama.
29 At aking [a]aalalahanin ang
tipang ginawa ko sa aking mga
tao; at ako ay nakipagtipan sa
kanila na sila ay [b]titipunin kong
magkakasama sa aking sariling
takdang panahon, na ibibigay
ko sa kanilang muli ang [c]lupain
ng kanilang mga ama para sa
kanilang mana, na lupain ng
[d]Jerusalem, na lupang pangako
para sa kanila magpakailanman,
wika ng Ama.
30 At ito ay mangyayari na
ang panahon ay sasapit, na ang
kabuuan ng aking ebanghelyo
ay ipangangaral sa kanila;
31 At sila ay [a]maniniwala sa
akin, na ako si Jesucristo, ang
Anak ng Diyos, at mananala-
ngin sa Ama sa aking pangalan.
32 Sa gayon ang kanilang mga
[a]bantay ay magtataas ng kani-
lang tinig, at sa tinig na magka-
kasama sila ay aawit; sapagkat
sila ay makakikita nang mata sa
mata.
33 Pagkatapos sila ay muling
titipunin ng Ama nang magka-
kasama, at ibibigay sa kanila
ang Jerusalem na lupain ng ka-
nilang mana.
34 At sila ay magdiriwang

24*a* Gawa 3:24–26; 1 Ne. 10:5; Jac. 7:11.
25*a* GBK Tipang Abraham.
*b* Gen. 12:1–3; 22:18.
26*a* Kaw. 16:6.
27*a* Gal. 3:8; 2 Ne. 29:14; Abr. 2:9.
*b* 3 Ne. 16:6–7.
28*a* 3 Ne. 16:8–9.
29*a* Is. 44:21; 3 Ne. 16:11–12.
*b* GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
*c* Amos 9:14–15.
*d* GBK Jerusalem.
31*a* 3 Ne. 5:21–26; 21:26–29.
32*a* Is. 52:8; 3 Ne. 16:18–20. GBK Magbantay, Mga Tagabantay.

sa kagalakan—[a]Magsiawit na
magkakasama, kayong mga
naaksayang dako ng Jerusalem
sapagkat inaliw ng Ama ang
kanyang mga tao, tinubos niya
ang Jerusalem.
35 Ipinakita ng Ama ang kan-
yang banal na bisig sa paningin
ng lahat ng bansa; at lahat ng
dulo ng mundo ay makakikita
sa pagliligtas ng Ama; at ang
Ama at ako ay isa.
36 At sa ganoon mangyayari
yaong nasusulat: [a]Gumising,
gumising na muli, at isuot mo
ang iyong kalakasan, O Sion;
isuot ang iyong magagandang
kasuotan, O Jerusalem, ang ba-
nal na lunsod, sapagkat mula
ngayon, wala nang papasok sa
iyo na hindi tuli at ang marumi.
37 Pagpagin mo ang sarili mula
sa alabok; bumangon, umupo,
O Jerusalem; kalagan ang sarili
mula sa mga tali sa iyong leeg,
O bihag na anak na babae ng
Sion.
38 Sapagkat ganito ang wika
ng Panginoon, ipinagbili ninyo
ang inyong sarili sa wala, at
kayo ay tutubusin nang walang
salapi.
39 Katotohanan, katotoha-
nan, sinasabi ko sa inyo, ang
aking pangalan ay malalaman
ng aking mga tao, oo, sa araw
na yaon ay malalaman nila na
ako yaong nagsasalita.
40 At pagkatapos kanilang sa-
sabihin: [a]Anong ganda sa mga
bundok ang mga paa niyong
nagdadala ng mabubuting ba-
lita sa kanila, na [b]naghahayag
ng kapayapaan; na nangagda-
dala ng mabubuting balita ng
kabutihan sa kanila, na nagha-
hayag ng kaligtasan; na nagsa-
sabi sa Sion: Ang iyong Diyos
ay naghahari!
41 At pagkatapos isang sigaw
ang papailanglang: [a]Lumisan
kayo, lumisan kayo, magsilabas
kayo diyan, huwag kayong hu-
mipo ng bagay na [b]marumi; lu-
mabas kayo sa gitna niya; ma-
ging [c]malinis kayo na nagdadala
ng mga sisidlan ng Panginoon.
42 Sapagkat [a]hindi kayo la-
labas na nagmamadali ni aalis
nang patakas; sapagkat ang Pa-
nginoon ay mauuna sa inyo, at
ang Diyos ng Israel ang inyong
magiging bantay sa likod.
43 Masdan, ang aking tagapag-
lingkod ay makikitungo nang
may karunungan; siya ay da-
dakilain at pupurihing maigi at
magiging napakataas.
44 Kasindami ng nanggilalas
sa inyo—ang kanyang mukha
ay nasira, higit kaysa sa kanino
mang lalaki, at ang kanyang
anyo ay higit kaysa sa mga anak
ng tao—
45 Kung kaya siya ay [a]magwi-
wisik sa maraming bansa; ang
mga hari ay magtitikom ng ka-
nilang bibig sa kanya, sapagkat
yaong hindi sinabi sa kanila ay
makikita nila; at yaong hindi

34*a* Is. 52:9.
36*a* Is. 52:1–3;
D at T 113:7–10.
GBK Sion.
40*a* Is. 52:7; Nah. 1:15;
Mos. 15:13–18;
D at T 128:19.
*b* Mar. 13:10;
1 Ne. 13:37.
41*a* Is. 52:11–15.
*b* GBK Malinis at Hindi
Malinis.
*c* D at T 133:5.
42*a* 3 Ne. 21:29.
45*a* Is. 52:15.

nila kailanman narinig ay isasa-
alang-alang nila.
46 Katotohanan, katotohanan,
sinasabi ko sa inyo, ang lahat
ng bagay na ito ay tiyak na da-
rating, maging ang iniutos ng
Ama sa akin. Pagkatapos, ang
tipang ito na ipinakipagtipan
ng Ama sa kanyang mga tao ay
matutupad; at pagkatapos, ang
[a]Jerusalem ay muling panana-
hanan ng aking mga tao, at ito
ang magiging lupaing kanilang
mana.

## KABANATA 21

*Ang Israel ay titipunin paglabas ng Aklat ni Mormon—Ang mga Gentil ay matatatag bilang malalayang tao sa Amerika—Sila ay maliligtas kung sila ay maniniwala at susunod; kung hindi, sila ay mahihiwalay at mapapahamak—Itatayo ng Israel ang Bagong Jerusalem, at ang nawalang lipi ay magbabalik. Mga* A.D. *34.*

At katotohanang sinasabi ko sa
inyo, magbibigay ako sa inyo
ng palatandaan, upang mala-
man ninyo ang [a]panahon kung
kailan ang mga bagay na ito
ay malapit nang maganap—na
aking titipunin, mula sa mata-
gal na nilang pagkakakalat, ang
aking mga tao, O sambahayan
ni Israel, at muling itatatag sa
kanila ang aking Sion;
2 At masdan, ito ang bagay
na ibibigay ko sa inyo bilang
palatandaan—sapagkat kato-
tohanang sinasabi ko sa inyo
na kung ang mga bagay na ito
na ipinahahayag ko sa inyo, at
ipahahayag ng aking sarili pag-
katapos nito, at sa pamamagitan
ng kapangyarihan ng Espiritu
Santo na ibibigay sa inyo ng
Ama, ay ipaaalam sa mga Gentil
nang kanilang malaman ang
hinggil sa mga taong ito na mga
labi ng sambahayan ni Jacob, at
hinggil sa aking mga taong ito
na ikakalat nila;
3 Katotohanan, katotohanan,
sinasabi ko sa inyo, kapag [a]ang
mga bagay na ito ay ipinaalam
sa kanila ng Ama, at magmula
sa Ama, mula sa kanila hang-
gang sa inyo;
4 Sapagkat karunungan ng
Ama na sila ay maitatag sa
lupaing ito, at matayo bilang
[a]malalayang tao sa pamama-
gitan ng kapangyarihan ng
Ama, upang ang mga bagay na
ito ay makarating mula sa ka-
nila patungo sa labi ng inyong
mga binhi, upang ang [b]tipan ng
Ama ay matupad na kanyang
ipinakipagtipan sa kanyang
mga tao, O sambahayan ni
Israel;
5 Samakatwid, kapag ang mga
gawaing ito at ang mga gawa-
ing gagawin sa inyo pagkatapos
nito ay [a]magmumula sa mga
Gentil, hanggang sa inyong mga
[b]binhi na manghihina sa kawa-

46*a* Eter 13:5, 11.
**21** 1*a* GBK Huling Araw, Mga.
3*a* Eter 4:17; JS—K 1:34–36.
4*a* 1 Ne. 13:17–19; D at T 101:77–80.
*b* Morm. 5:20. GBK Tipang Abraham.
5*a* 3 Ne. 26:8.
*b* 2 Ne. 30:4–5; Morm. 5:15; D at T 3:18–19.

lang-paniniwala dahil sa kasa-
maan;
6 Sapagkat sa gayon minara-
pat ng Ama na ito ay magmula
sa mga [a]Gentil, upang maipa-
kita niya ang kanyang kapang-
yarihan sa mga Gentil, sa layu-
ning ang mga Gentil, kung hin-
di nila patitigasin ang kanilang
mga puso, na sila ay magsisi at
lumapit sa akin at mabinyagan
sa aking pangalan at malaman
ang mga tunay na paksa ng
aking doktrina, na sila ay [b]ma-
pabilang sa aking mga tao, O
sambahayan ni Israel;
7 At kapag ang mga bagay na
ito ay mangyari na, ang iyong
mga [a]binhi ay magsisimulang
malaman ang mga bagay na ito
—ito ay magiging palatandaan
sa kanila, upang kanilang mala-
man na ang gawain ng Ama ay
nagsimula na tungo sa pagtu-
pad ng tipang kanyang ginawa
sa mga tao na kabilang sa sam-
bahayan ni Israel.
8 At kapag dumating ang araw
na iyon, ito ay mangyayari na
ang mga hari ay magtitikom ng
kanilang mga bibig; sapagkat
yaong hindi sinabi sa kanila ay
makikita nila; at yaong hindi
nila kailanman narinig ay isa-
saalang-alang nila.
9 Sapagkat sa araw na yaon,
para sa aking kapakanan ang
Ama ay gagawa ng isang gawa-
in, na magiging dakila at [a]ka-
gila-gilalas na gawa sa kanila;
at sa kanila ay may mga yaong
hindi paniniwalaan ito, baga-
ma't isang tao ang magpapaha-
yag nito sa kanila.
10 Ngunit masdan, ang bu-
hay ng aking tagapaglingkod
ay nasa aking kamay; anupa't
hindi nila masasaktan siya, ba-
gama't siya ay [a]mapipinsala da-
hil sa kanila. Gayunman, akin
siyang pagagalingin, sapagkat
ipakikita ko sa kanila na ang
[b]aking karunungan ay higit na
dakila kaysa sa katusuhan ng
diyablo.
11 Kaya nga, ito ay mangyayari
na ang sinumang hindi manini-
wala sa aking mga salita, ako na
si Jesucristo, na papapangyari-
hin ng Ama na dalhin [a]niya sa
mga Gentil, at bibigyan siya ng
kapangyarihan na kanyang ma-
dala ang mga iyon sa mga Gen-
til, (ito ay mangyayari maging
katulad ng winika ni Moises)
sila ay [b]mahihiwalay sa aking
mga tao na kasama sa tipan.
12 At ang aking mga tao na
mga labi ni Jacob ay mapapasa
mga Gentil, oo, sa gitna nila na
kagaya ng isang [a]leon sa mga
hayop sa gubat, katulad ng
isang batang leon sa mga ka-
wan ng tupa, na siya, kung ma-
kapapasok ay [b]susunggaban
niya at pagluluray-lurayin, at
walang makapagliligtas.
13 Ang kanilang mga kamay

6*a* 1 Ne. 10:14; Jac. 5:54; 3 Ne. 16:4–7.
*b* Gal. 3:7, 29; 3 Ne. 16:13; Abr. 2:9–11.
7*a* 3 Ne. 5:21–26.
9*a* Is. 29:13; Gawa 13:41; 1 Ne. 22:8. GBK Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo.
10*a* D at T 135:1–3.
*b* D at T 10:43.
11*a* 2 Ne. 3:6–15; Morm. 8:16, 25.
*b* D at T 1:14.
12*a* Mi. 5:8–15; 3 Ne. 20:16.
*b* 3 Ne. 16:13–15.

ay itataas sa kanilang mga kaaway, at ang lahat ng kanilang mga kaaway ay lilipulin.
14 Oo, sa aba sa mga Gentil maliban kung sila ay [a]magsisisi;
sapagkat ito ay mangyayari na sa araw na yaon, wika ng Ama, na aking ihihiwalay ang inyong mga kabayo sa gitna ninyo, at aking wawasakin ang inyong mga karuwahe;
15 At aking wawasakin ang mga lunsod ng inyong lupain, at ibabagsak ang inyong mga muog;
16 At aking wawasakin ang mga pangkukulam sa inyong mga lupain, at hindi na kayo magkakaroon pa ng mga manghuhula;
17 Ang inyong mga [a]inukit na larawan ay akin ding wawasakin at ihihiwalay ang inyong nakatayong mga imahen sa gitna ninyo, at hindi na ninyo sasambahin pa ang mga gawa ng inyong mga kamay;
18 At aking bubunutin ang inyong mga puno sa gitna ninyo; akin ding wawasakin ang inyong mga lunsod.
19 At ito ay mangyayari na ang lahat ng [a]pagsisinungaling, at mga panlilinlang, at inggitan, at sigalutan, at huwad na pagkasaserdote, at pagpapatutot, ay matitigil.
20 Sapagkat ito ay mangyayari, wika ng Ama, na sa araw na yaon ang sinumang hindi magsisisi at lalapit sa aking Minamahal na Anak, sila ay ihihiwalay ko sa aking mga tao, O sambahayan ni Israel;
21 At aking isasagawa ang paghihiganti at matinding galit sa kanila, maging tulad sa mga pagano, na hindi pa nila narinig.
22 Ngunit kung sila ay magsisisi at makikinig sa aking mga salita, at hindi patitigasin ang kanilang mga puso, [a]itatatag ko ang aking simbahan sa kanila, at sila ay makikipagtipan at [b]ibibilang sa mga ito na labi ni Jacob, kung kanino aking ibinigay ang lupaing ito bilang kanilang mana;
23 At sila ay tutulong sa aking mga tao, na labi ni Jacob, at gayon din kasindami ng sambahayan ni Israel na darating upang kanilang maitayo ang isang lunsod, na tatawaging ang [a]Bagong Jerusalem.
24 At pagkatapos sila ay tutulong sa aking mga tao upang sila ay matipon, na nangagkalat sa balat ng lupa, patungo sa Bagong Jerusalem.
25 At pagkatapos, ang [a]kapangyarihan ng langit ay bababa sa kanila; at [b]ako rin ay mapapasagitna nila.
26 At pagkatapos, ang gawain ng Ama ay magsisimula sa araw na yaon, maging ang ebanghelyong ito ay ipangangaral sa labi

14*a* 2 Ne. 10:18; 33:9.
17*a* Ex. 20:3–4; Mos. 13:12–13; D at T 1:16. GBK Pagsamba sa Diyus-diyusan.
19*a* 3 Ne. 30:2.
22*a* GBK Dispensasyon.
*b* 2 Ne. 10:18–19; 3 Ne. 16:13.
23*a* 3 Ne. 20:22; Eter 13:1–12. GBK Bagong Jerusalem.
25*a* 1 Ne. 13:37.
*b* Is. 2:2–4; 3 Ne. 24:1.

ng mga taong ito. Katotohanang sinasabi ko sa inyo, sa araw na yaon ang gawain ng Ama ay [a]magsisimula sa lahat ng nakalat na mga tao ko, oo, maging ang mga liping [b]nawala, na inakay ng Ama palayo sa Jerusalem.

27 Oo, ang gawain ay magsisimula sa lahat ng [a]naikalat na mga tao ko, na ang Ama ang maghahanda ng daan kung paano sila makalalapit sa akin, upang sila ay makapanawagan sa Ama sa aking pangalan.

28 Oo, at pagkatapos ang gawain ay magsisimula, kasama ang Ama, sa lahat ng bansa sa paghahanda ng daan kung paano ang kanyang mga tao ay maaaring [a]matipong pauwi sa lupaing kanilang mana.

29 At sila ay lalabas mula sa lahat ng bansa; at hindi sila lalabas na [a]nagmamadali, o aalis na patakas, sapagkat ako ang mauuna sa kanila, wika ng Ama, at ako ang kanilang magiging bantay sa likod.

## KABANATA 22

*Sa mga huling araw, ang Sion at ang kanyang mga istaka ay matatatag, at ang Israel ay matititipon sa awa at pagmamahal—Sila ay magtatagumpay—Ihambing sa Isaias 54. Mga A.D. 34.*

AT pagkatapos, yaong nasusulat ay mangyayari: Umawit, O baog, ikaw na hindi nagkaanak; magsimula kang [a]umawit; at sumigaw nang malakas, ikaw na hindi nagdamdam sa panganganak ng bata; sapagkat higit na marami ang mga anak ng pinabayaan kaysa sa mga anak ng may asawa, wika ng Panginoon.

2 Palakihin ang dako ng iyong tolda, at bayaan silang iladlad ang mga tabing ng iyong mga tahanan; huwag kayong magtipid, habaan mo ang iyong mga lubid at patibayin mo ang iyong mga [a]istaka;

3 Sapagkat ikaw ay magsisimula sa kanang kamay at sa kaliwa, at ang iyong mga binhi ay mamanahin ang mga sa [a]Gentil at ang mga pinabayaang lunsod ay magkakaroon ng maninirahan.

4 Huwag matakot, sapagkat ikaw ay hindi mapapahiya; ni ikaw ay hahamakin; sapagkat hindi ka malalagay sa [a]kahihiyan; sapagkat malilimutan mo ang kahihiyan ng iyong kabataan, at hindi maaalaala ang kadustahan ng iyong kabataan, at hindi mo na maaalaala pa ang kasiraan ng iyong pagkabalo.

5 Sapagkat ang iyong tagapaglikha, ang iyong asawa, Panginoon ng mga Hukbo ang kanyang pangalan; at ang iyong Manunubos, Ang Banal ng Israel—ang Diyos ng buong mundo siya ay tatawagin.

26*a* 1 Ne. 14:17; 3 Ne. 21:6–7.
*b* GBK Israel—Ang sampung nawawalang lipi ni Israel.
27*a* 3 Ne. 16:4–5.
28*a* GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
29*a* Is. 52:12; 3 Ne. 20:42.
**22** 1*a* GBK Awitin.
2*a* GBK Istaka.
3*a* GBK Gentil, Mga.
4*a* 2 Ne. 6:7, 13.

6 Sapagkat tinawag ka ng Pa-
nginoon katulad ng isang ba-
baing pinabayaan ng kanyang
asawa at nagdadalamhati sa es-
piritu, at isang asawa ng kabata-
an, nang ikaw ay itinakwil, wika
ng iyong Diyos.
7 Sa maikling sandali ay pina-
bayaan kita, ngunit sa malaking
pagkaawa ay titipunin kita.
8 Sa munting pagkagalit ay
ikinubli ko sandali ang aking
mukha sa iyo, ngunit sa wa-
lang hanggang kabutihan, ako
ay [a]maaawa sa iyo, wika ng
Panginoon mong Manunubos.
9 Sapagkat katulad [a]nito, ang
mga [b]tubig ng Noe sa akin, sa-
pagkat katulad ng aking isi-
numpa na ang mga tubig ng
Noe ay hindi na aagos pa sa
lupa, sa gayon ako ay sumum-
pang hindi na ako mapopoot sa
iyo.
10 Sapagkat ang mga [a]bundok
ay maglalaho at ang mga burol
ay maaalis, ngunit ang aking
kabaitan kailanman ay hindi
[b]maglalaho sa iyo, ni ang tipan
ng aking kapayapaan ay maa-
alis, wika ng Panginoon na na-
aawa sa iyo.
11 O ikaw na nahirapan, na
sinisiklot ng unos, at hindi naa-
liw! Masdan, ilalatag ko ang
iyong mga [a]bato nang may ma-
iinam na kulay, at lalatagan
ang iyong mga saligan ng mga
sapiro.
12 At gagawin kong agata ang
iyong mga durungawan, at kar-
bungko ang iyong mga pin-
tuang-bayan, at mahahalagang
bato ang iyong mga hangganan.
13 At [a]lahat ng iyong mga anak
ay tuturuan ng Panginoon; at
malaki ang magiging kapayapa-
an ng iyong mga anak.
14 Sa [a]kabutihan ikaw ay ma-
tatatag; ikaw ay malalayo mula
sa mga pang-aapi sapagkat hin-
di ka matatakot, at sa kinasisin-
dakan sapagkat hindi ito lalapit
sa iyo.
15 Masdan, sila ay tiyak na
magkakasamang sasalakay la-
ban sa iyo, hindi sa kapahintu-
lutan ko; sinumang magkakasa-
mang sasalakay laban sa iyo
ay mabubuwal para sa iyong
kapakanan.
16 Masdan, aking nilikha ang
panday na umiihip sa mga baga
na nasa apoy, at gumagawa ng
kasangkapan para sa kanyang
gawain; at aking nilikha ang
manglilipol upang manglipol.
17 Walang sandatang ginawa
laban sa iyo ang magtatagum-
pay; at bawat dilang hahamak
laban sa iyo sa kahatulan ay
pasisinungalingan mo. Ito ang
mana ng mga tagapaglingkod
ng Panginoon, at ang kanilang
kabutihan ay sa akin, wika ng
Panginoon.

## KABANATA 23

*Sinasang-ayunan ni Jesus ang mga salita ni Isaias—Kanyang inutu-*

8*a* GBK Awa, Maawain.
9*a* Is. 54:9.
*b* GBK Baha sa Panahon ni Noe.
10*a* Is. 40:4.
*b* Awit 94:14; D at T 35:25.
11*a* Apoc. 21:18–21.
13*a* Jer. 31:33–34.
14*a* GBK Matwid, Katwiran.

*san ang mga tao na saliksikin ang mga propeta—Ang mga salita ni Samuel, ang Lamanita, hinggil sa Pagkabuhay na mag-uli ay idinagdag sa kanilang mga talaan. Mga A.D. 34.*

At ngayon, masdan, sinasabi ko
sa inyo, na nararapat ninyong
[a]saliksikin ang mga bagay na
ito. Oo, isang kautusan ang ibi-
nibigay ko sa inyo na masiga-
sig ninyong saliksikin ang mga
bagay na ito; sapagkat dakila
ang mga salita ni [b]Isaias.
2 Sapagkat tunay na siya ay
nangusap na tumatalakay sa
lahat ng bagay hinggil sa aking
mga tao na sambahayan ni Isra-
el; anupa't talagang kinakaila-
ngan na siya ay mangusap din
sa mga Gentil.
3 At lahat ng bagay na kan-
yang sinabi ay nangyari na at
[a]mangyayari, maging alinsu-
nod sa mga salitang kanyang
winika.
4 Kaya nga, makinig sa aking
mga salita; isulat ang mga ba-
gay na sinabi ko sa inyo; at alin-
sunod sa panahon at kalooban
ng Ama, yaon ay ipahahayag sa
mga Gentil.
5 At sinuman ang makikinig
sa aking mga salita at magsisisi
at mabibinyagan, siya rin ang
maliligtas. Saliksikin ang mga
[a]propeta, sapagkat marami roon
ang nagpapatotoo sa mga bagay
na ito.
6 At ngayon ito ay nangyari
na, nang sabihin ni Jesus ang
mga salitang ito muli niyang
sinabi sa kanila, matapos na
kanyang ipaliwanag ang lahat
ng banal na kasulatan sa kani-
la na kanilang natanggap, kan-
yang winika sa kanila: Masdan,
may mga ibang banal na kasula-
tan na nais kong inyong isulat,
na wala kayo.
7 At ito ay nangyari na, na kan-
yang sinabi kay Nephi: Dalhin
mo rito ang talaang iyong ini-
ngatan.
8 At nang madala ni Nephi
ang mga talaan, at nailatag ang
mga yaon sa harapan niya, itini-
tig niya ang kanyang mga mata
sa kanila at nagsabi:
9 Katotohanang sinasabi ko sa
inyo, ako ay nag-utos sa aking
tagapaglingkod na si [a]Samuel,
ang Lamanita, na siya ay mag-
patotoo sa mga taong ito, na sa
araw na luluwalhatiin ng Ama
ang kanyang pangalan sa akin
na [b]maraming [c]banal ang [d]mag-
babangon mula sa pagkamatay,
at magpapakita sa marami, at
maglilingkod sa kanila. At kan-
yang sinabi sa kanila: Hindi ba?
10 At ang kanyang mga disipu-
lo ay tumugon sa kanya at nag-
sabi: Oo, Panginoon, si Samuel
ay nagpropesiya alinsunod sa
inyong mga salita, at lahat ng
yaon ay natupad.
11 At sinabi ni Jesus sa kanila:
Paanong hindi ninyo naisulat

**23** 1*a* GBK Banal na Kasulatan, Mga.
*b* 2 Ne. 25:1–5; Morm. 8:23. GBK Isaias.
3*a* 3 Ne. 20:11–12.
5*a* Lu. 24:25–27.
9*a* Hel. 13:2.
*b* Hel. 14:25.
*c* GBK Banal (pangngalan).
*d* Mat. 27:52–53. GBK Pagkabuhay na Mag-uli.

ang bagay na ito, na maraming
banal ang nagbangon at nagpa-
kita sa marami at naglingkod
sa kanila?
12 At ito ay nangyari na, na
naalaala ni Nephi na ang bagay
na ito ay hindi naisulat.
13 At ito ay nangyari na, na
iniutos ni Jesus na ito ay isulat;
kaya nga, ito ay isinulat alinsu-
nod sa kanyang iniutos.
14 At ngayon ito ay nangyari
na, nang [a]maipaliwanag ni Jesus
ang lahat ng banal na kasulatan
sa kabuuan, na kanilang isinu-
lat, kanyang iniutos sa kanila
na kanilang ituro ang mga ba-
gay na kanyang ipinaliwanag sa
kanila.

## KABANATA 24

*Ang sugo ng Panginoon ang maghahanda ng daan para sa Ikalawang Pagparito—Si Cristo ay uupo sa hukuman—Ang Israel ay inutusang magbayad ng ikasampung bahagi at mga handog—Isang aklat ng alaala ang iningatan—Ihambing sa Malakias 3. Mga A.D. 34.*

AT ito ay nangyari na, na kan-
yang iniutos sa kanila na na-
rarapat nilang isulat ang mga
salitang ibinigay ng Ama kay
Malakias, na kanyang sasabi-
hin sa kanila. At ito ay nangya-
ri na, na matapos na ang mga
iyon ay maisulat, kanyang ipi-
naliwanag yaon. At ito ang mga
salitang kanyang sinabi sa ka-
nila, sinasabing: Ganito ang si-
nabi ng Ama kay Malakias—
Masdan, isusugo ko ang aking
[a]sugo, at kanyang ihahanda ang
daan bago ako pumarito, at ang
Panginoong inyong hinahanap
ay paroroong bigla sa kan-
yang templo, maging ang sugo
ng tipan, na inyong kinalulug-
dan; masdan, siya ay paparito,
wika ng Panginoon ng mga
Hukbo.
2 Ngunit sino ang [a]makatata-
gal sa araw ng kanyang pagpa-
rito, at sino ang makapanana-
tili kapag siya ay magpakita?
Sapagkat siya ay katulad ng
apoy ng isang [b]maglalantay, at
katulad ng sabon ng isang ta-
gapagpaputi.
3 At siya ay mauupo katulad
ng isang maglalantay at magda-
dalisay ng pilak; at kanyang
dadalisayin ang mga [a]anak na
lalaki ni Levi, at lilinisin sila
katulad ng ginto at pilak, upang
sila ay [b]makapag-alay sa Pa-
nginoon ng handog sa kabu-
tihan.
4 Pagkatapos, ang handog ng
Juda at Jerusalem ay magiging
kalugud-lugod sa Panginoon,
katulad noong sinauna, at ka-
tulad ng mga taong lumipas.
5 At ako ay lalapit sa inyo sa
paghatol; at ako ay magiging
handang saksi laban sa mga
mangkukulam, at laban sa mga
nakikiapid, at laban sa mga bu-

14*a* Lu. 24:44–46.
**24** 1*a* D at T 45:9.
2*a* 3 Ne. 25:1.
*b* Zac. 13:9;
D at T 128:24.
GBK Mundo—
Paglilinis ng mundo;
Ikalawang Pagparito
ni Jesucristo.
3*a* Deut. 10:8;
D at T 84:31–34.
*b* D at T 13:1.

laang saksi, at laban sa yaong nandaraya sa upahan sa kanyang pasahod, sa balo at mga [a]walang ama, at sa nagsasaisantabi sa dayuhan, at hindi natatakot sa akin, wika ng Panginoon ng mga Hukbo.

6 Sapagkat ako ang Panginoon, hindi ako nagbabago; kaya nga kayong mga anak na lalaki ni Jacob ay hindi mauubos.

7 Maging mula noong mga araw ng inyong mga ama kayo ay [a]lumihis sa aking mga ordenansa, at hindi ninyo sinunod ang mga yaon. [b]Magbalik kayo sa akin at ako ay magbabalik sa inyo, wika ng Panginoon ng mga Hukbo. Ngunit inyong sinabi: Ano ang kailangan naming gawin upang makabalik?

8 Nanakawan ba ng tao ang Diyos? Gayunman, inyo akong ninakawan. Ngunit inyong sinasabi: Sa ano namin kayo ninakawan? Sa mga [a]ikasampung bahagi at mga [b]handog.

9 Kayo ay isinumpa ng isang sumpa, sapagkat ninakawan ninyo ako, maging nitong buong bansa.

10 Dalhin ninyo ang lahat ng [a]ikasampung bahagi sa kamalig nang magkaroon ng pagkain sa aking bahay; at subukin ninyo ako ngayon, wika ng Panginoon ng mga Hukbo, kung hindi ko bubuksan sa inyo ang mga durungawan ng langit, at ibubuhos sa inyo ang isang [b]pagpapala na walang sapat na lugar na mapaglalagyan nito.

11 At aking pagsasabihan ang maninila para sa inyong mga kapakanan, at hindi niya sisirain ang mga bunga ng inyong lupa; ni malalagasan man ng bunga ang inyong ubasan sa mga bukid nang wala sa panahon, wika ng Panginoon ng mga Hukbo.

12 At lahat ng bansa ay tatawagin kayong pinagpala sapagkat kayo ay magiging isang kalugud-lugod na lupain, wika ng Panginoon ng mga Hukbo.

13 Ang inyong mga salita ay naging lapastangan laban sa akin, wika ng Panginoon. Gayunman, inyong sinasabi: Ano ang aming sinabi laban sa inyo?

14 Inyong sinabi: Walang saysay ang maglingkod sa Diyos, at ano ang kapakinabangan na aming sundin ang kanyang mga ordenansa at ang kami ay lumakad na nagdadalamhati sa harapan ng Panginoon ng mga Hukbo?

15 At ngayon, tinatawag namin ang palalo na masaya, oo, sila na gumagawa ng kasamaan ay nasa ayos; oo, sila na tumutukso sa Diyos ay naligtas pa.

16 Pagkatapos, sila na natatakot sa Panginoon ay madalas na [a]nakipag-usap sa isa't isa, at pinakinggan ng Panginoon at

5*a* Sant. 1:27.
7*a* GBK Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan.
*b* Hel. 13:11; 3 Ne. 10:6; Moro. 9:22.
8*a* GBK Ikapu.
*b* GBK Pag-aalay.
10*a* D at T 64:23; 119:1–7.
*b* GBK Pagpapala, Pagpapalain, Pinagpala.
16*a* Moro. 6:5.

dininig; at isang [b]aklat ng ala-
ala ang isinulat sa harapan niya
para sa kanila na natakot sa Pa-
nginoon, at gumugunita sa kan-
yang pangalan.
17 At sila ay magiging akin,
wika ng Panginoon ng mga
Hukbo, sa araw na yaon kung
kailan aking [a]bubuuin ang
aking mga hiyas; at akin silang
ililigtas katulad ng isang taong
nagliligtas ng kanyang sariling
anak na naglilingkod sa kanya.
18 Pagkatapos, kayo ay mag-
babalik at [a]makikilala ang pag-
kakaiba ng mabuti at ng ma-
sama, siya na naglilingkod sa
Diyos at siya na hindi nagliling-
kod sa kanya.

## KABANATA 25

*Sa Ikalawang Pagparito, ang mga palalo at masasama ay masusunog gaya ng dayami—Si Elias ay magbabalik bago dumating ang dakila at kakila-kilabot na araw—Ihambing sa Malakias 4. Mga A.D. 34.*

SAPAGKAT masdan, ang araw ay
darating na [a]magniningas na tu-
lad ng hurno; at lahat ng [b]palalo,
oo, lahat ng gumagawa ng ka-
samaan, ay magiging pinagga-
pasan; at ang araw na darating
ay susunog sa kanila, wika ng
Panginoon ng mga Hukbo, at
hindi mag-iiwan sa kanila kahit
ugat o sanga.
2 Ngunit sa inyo na natatakot
sa aking pangalan, ay babangon
ang [a]Anak ng Kabutihan na may
pagpapagaling sa kanyang mga
bagwis; at kayo ay hahayo at
[b]lalaki na parang mga [c]guya sa
kuwadra.
3 At inyong [a]yuyurakan ang
masasama; sapagkat sila ay ma-
giging abo sa ilalim ng inyong
mga talampakan sa araw na
yaon na aking gagawin ito, wika
ng Panginoon ng mga Hukbo.
4 Alalahanin ninyo ang mga
batas ni Moises, na aking taga-
paglingkod, na iniutos ko sa
kanya sa [a]Horeb para sa buong
Israel, lakip ang mga batas at
kaparusahan.
5 Masdan, isusugo ko sa inyo
ang propetang si [a]Elias bago
dumating ang dakila at kakila-
kilabot na [b]araw ng Panginoon;
6 At kanyang [a]ibabaling ang
puso ng mga ama sa mga anak,
at ang puso ng mga anak sa ka-
nilang mga ama, kung hindi,
ako ay paparito at parurusahan
ang lupa ng isang sumpa.

## KABANATA 26

*Ipinaliwanag ni Jesus ang lahat ng bagay mula sa simula hanggang*

16*b* D at T 85:9; Moi. 6:5. GBK Aklat ng Alaala.
17*a* D at T 101:3.
18*a* GBK Pagkilala, Kaloob na.
**25** 1*a* Is. 24:6; 1 Ne. 22:15; 3 Ne. 24:2; D at T 29:9; 64:23–24; 133:64; JS—K 1:37. GBK Mundo—Paglilinis ng mundo.
*b* 2 Ne. 20:33. GBK Kapalaluan.
2*a* Eter 9:22.
*b* D at T 45:58.
*c* Amos 6:4; 1 Ne. 22:24.
3*a* 3 Ne. 21:12.
4*a* Ex. 3:1–6.
5*a* 2 Hari 2:1–2; D at T 2:1; 110:13–16; 128:17–18. GBK Elijah; Kaligtasan para sa mga Patay; Buklod, Pagbubuklod.
*b* GBK Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
6*a* D at T 2:2.

*sa katapusan—Ang mga sanggol*
*at bata ay nangusap ng mga kagila-*
*gilalas na bagay na hindi maaaring*
*isulat—Silang nasa Simbahan ni*
*Cristo ay may pagkakapantay-pan-*
*tay sa lahat ng bagay sa kanila.*
*Mga A.D. 34.*

AT ngayon ito ay nangyari na,
nang sabihin ni Jesus ang mga
bagay na ito ay ipinaliwanag
niya yaon sa maraming tao; at
kanyang ipinaliwanag ang la-
hat ng bagay sa kanila, maging
ang napakahalaga o di gaanong
mahalaga.
2 At kanyang winika: [a]Ang
mga banal na kasulatang ito, na
wala sa inyo, ay iniutos ng Ama
na ibigay ko sa inyo; sapagkat
karunungan sa kanya na nara-
rapat ibigay ang mga ito sa mga
darating na salinlahi.
3 At kanyang ipinaliwanag ang
lahat ng bagay, maging mula sa
simula hanggang sa panahon na
siya ay paparito sa kanyang [a]ka-
luwalhatian—oo, maging ang
lahat ng bagay na mangyayari
sa balat ng lupa, maging hang-
gang sa ang mga [b]elemento ay
matunaw sa matinding init, at
ang lupa ay sama-samang [c]ma-
babalot katulad ng nakalulon na
papel, at ang langit at ang lupa
ay lilipas;
4 At maging sa [a]dakila at hu-
ling araw, na ang lahat ng tao,
at lahat ng magkakamag-anak,
at lahat ng bansa at wika ay [b]ta-
tayo sa harapan ng Diyos,
upang hatulan sa kanilang mga
gawa, kung sila ay mabubuti o
kung sila ay masasama—
5 Kung sila ay naging mabu-
buti, tungo sa [a]pagkabuhay na
mag-uli sa buhay na walang
hanggan; at kung sila ay naging
masasama, sa pagkabuhay na
mag-uli sa kapahamakan; bi-
lang magkaagapay, isa sa isang
dako at ang isa sa kabilang
dako, alinsunod sa awa, at [b]ka-
tarungan, at sa kabanalan na na
kay Cristo, na buhay na [c]bago
pa nagsimula ang daigdig.
6 At ngayon hindi maaaring
isulat sa aklat na ito maging
ang [a]ika-isandaang bahagi ng
mga bagay na tunay na itinuro
ni Jesus sa mga tao;
7 Ngunit masdan, ang mga [a]la-
mina ni Nephi ay naglalaman
ng malaking bahagi ng mga ba-
gay na kanyang itinuro sa mga
tao.
8 At ang mga bagay na ito ay
isinulat ko, na isang maliit na
bahagi ng mga bagay na kan-
yang itinuro sa mga tao; at isi-
nulat ko ang mga iyon sa la-
yuning yaon ay muling madala

**26** 2*a* Kabanata 3 at 4 ng Mal., sinipi sa kabanata 24 at 25 ng 3 Ne.
3*a* GBK Jesucristo—Kaluwalhatian ni Jesucristo.
*b* Amos 9:13; 2 Ped. 3:10, 12; Morm. 9:2. GBK Mundo—Paglilinis ng mundo; Daigdig—Katapusan ng daigdig.
*c* Morm. 5:23.
4*a* Hel. 12:25; 3 Ne. 28:31.
*b* Mos. 16:10–11. GBK Paghuhukom, Ang Huling.
5*a* Dan. 12:2; Juan 5:29.
*b* GBK Katarungan.
*c* Eter 3:14. GBK Jesucristo—Si Cristo bago pa naging mortal.
6*a* Juan 21:25; 3 Ne. 5:8.
7*a* GBK Lamina, Mga.

sa mga taong ito, [a]mula sa mga
Gentil, alinsunod sa mga sali-
tang winika ni Jesus.
9 At kapag kanilang matang-
gap ito, na kapaki-pakinabang
munang mapasakanila, upang
subukin ang kanilang pananam-
palataya, at kung mangyayari
na sila ay maniniwala sa mga
bagay na ito, sa gayon, ang mga
bagay na [a]higit na dakila ay ipa-
aalam sa kanila.
10 At kung mangyayari na sila
ay hindi maniniwala sa mga ba-
gay na ito, sa gayon, ang mga
bagay na higit na dakila ay
[a]ipagkakait sa kanila, tungo sa
kanilang ikasusumpa.
11 Masdan, isusulat ko na sana
ang mga yaon, lahat ng nakau-
kit sa mga lamina ni Nephi,
ngunit ipinagbawal ito ng Pa-
nginoon, sinasabing: [a]Susubu-
kin ko ang pananampalataya ng
aking mga tao.
12 Kaya nga, ako, si Mormon
ay isinusulat ang mga bagay na
iniutos sa akin ng Panginoon. At
ngayon ako, si Mormon, ay nag-
tatapos sa aking mga pananali-
ta, at magpapatuloy sa pagsulat
sa mga bagay na iniutos sa akin.
13 Kaya nga, nais kong inyong
mamasdan na tunay na tinuru-
an ng Panginoon ang mga tao,
sa loob ng tatlong araw; at pag-
katapos niyon ay [a]ipinakita niya
ang kanyang sarili sa kanila
nang madalas, at madalas na
magputul-putol ng [b]tinapay, at
binabasbasan ito, at ibinibigay
ito sa kanila.
14 At ito ay nangyari na, na
siya ay nagturo at [a]naglingkod
sa mga anak ng maraming tao
na nabanggit, at kanyang [b]kina-
lagan ang kanilang mga dila, at
sila ay nangusap sa kanilang
mga ama ng mga dakila at ka-
gila-gilalas na bagay, maging
higit na dakila kaysa roon sa
kanyang inihayag sa mga tao;
at kanyang kinalagan ang kani-
lang mga dila nang sila ay ma-
kapangusap.
15 At ito ay nangyari na, na
matapos na siya ay umakyat sa
langit—sa ikalawang pagka-
kataon na ipinakita niya ang
kanyang sarili sa kanila, at nag-
tungo sa Ama, matapos na [a]pa-
galingin ang lahat ng kanilang
mga may karamdaman, at ang
kanilang mga pilay, at buksan
ang mga mata ng kanilang mga
bulag at alisin ang bara sa mga
tainga ng mga bingi, at maging
sa magawa ang lahat ng uri ng
mga pagpapagaling sa kanila,
at ibangon ang isang tao mula
sa patay, at ipakita ang kan-
yang kapangyarihan sa kanila,
at umakyat sa Ama—
16 Masdan, ito ay nangyari na,
na kinabukasan ang maraming
tao ay nagtipun-tipong magka-
kasama, at kapwa nila nakita at
narinig ang mga batang ito; oo,
maging ang mga [a]sanggol ay
nagbukas ng kanilang mga bi-

8*a* 3 Ne. 21:5–6.
9*a* Eter 4:4–10.
10*a* Alma 12:9–11.
11*a* Eter 12:6.
13*a* Juan 21:14.
*b* 3 Ne. 20:3–9.
GBK Sakramento.
14*a* 3 Ne. 17:11–12.
*b* Alma 32:23;
3 Ne. 26:16.
15*a* 3 Ne. 17:9.
GBK Pinagaling,
Pagpapagaling;
Himala.
16*a* Mat. 11:25.

big at nangusap ng mga kagila-
gilalas na bagay; at ang mga
bagay na kanilang winika ay
ipinagbawal na isulat ng sinu-
mang tao.
17 At ito ay nangyari na, na
ang mga [a]disipulong pinili ni
Jesus ay nagsimula buhat sa
panahong yaon na [b]magbinyag
at magturo sa kasindami ng lu-
mapit sa kanila; at kasindami
ng nagpabinyag sa pangalan ni
Jesus ay napuspos ng Espiritu
Santo.
18 At marami sa kanila ang
nakakita at nakarinig ng mga
bagay na hindi masasambit, na
[a]hindi pinahihintulutang isulat.
19 At sila ay nagturo, at nag-
lingkod sa isa't isa; at may [a]pag-
kakapantay-pantay sila sa [b]lahat
ng bagay sa kanila, bawat tao
ay nakikitungo nang makata-
rungan sa isa't isa.
20 At ito ay nangyari na, na
isinagawa nila ang lahat ng ba-
gay maging katulad ng iniutos
ni Jesus sa kanila.
21 At sila na nabinyagan sa
pangalan ni Jesus ay tinawag na
[a]simbahan ni Cristo.

## KABANATA 27

*Iniutos ni Jesus sa kanila na tawagin ang Simbahan sa kanyang pangalan—Ang kanyang misyon at pagbabayad-salang hain ang bumubuo ng kanyang ebanghelyo—Ang mga tao ay inuutusang magsisi at magpabinyag upang sila ay pabanalin ng Espiritu Santo—Sila ay nararapat na maging katulad ni Jesus. Mga* A.D. *34–35.*

At ito ay nangyari na, na sa-
mantalang ang mga disipulo ni
Jesus ay naglalakbay at ipina-
ngangaral ang mga bagay na
kapwa nila nakita at narinig,
at nagbibinyag sa pangalan ni
Jesus, ito ay nangyari na, na
ang mga disipulo ay magkaka-
samang nagtipon at [a]nagkaisa
sa mataimtim na panalangin at
[b]pag-aayuno.
2 At muling [a]ipinakita ni Jesus
ang kanyang sarili sa kanila,
sapagkat sila ay nananalangin
sa Ama sa kanyang pangalan;
at si Jesus ay dumating at tu-
mayo sa gitna nila, at sinabi sa
kanila: Ano ang nais ninyong
ibigay ko sa inyo?
3 At kanilang sinabi sa kanya:
Panginoon, nais naming sabi-
hin ninyo sa amin ang panga-
lan kung paano namin tatawa-
gin ang simbahang ito; sapagkat
may mga pagtatalo sa mga tao
hinggil sa bagay na ito.
4 At sinabi ng Panginoon sa
kanila: Katotohanan, katotoha-
nan, sinasabi ko sa inyo, bakit
kinakailangang bumulung-bu-
long ang mga tao at magtalo
dahil sa bagay na ito?
5 Hindi ba nila nabasa ang mga

17*a* 3 Ne. 19:4–13.
*b* 4 Ne. 1:1.
18*a* 3 Ne. 26:11.
19*a* GBK Paglalaan, Batas ng Paglalaan.
*b* 4 Ne. 1:3.
21*a* Mos. 18:17.
GBK Simbahan ni Jesucristo.
**27** 1*a* D at T 29:6.
*b* Alma 6:6.
GBK Ayuno, Pag-aayuno.
2*a* 3 Ne. 26:13.
GBK Jesucristo—Mga pagpapakita ni Cristo matapos maging mortal.

banal na kasulatan, na nagsasa-
bing inyong taglayin ang [a]pa-
ngalan ni Cristo, na aking pa-
ngalan? Sapagkat sa pangalang
ito kayo tatawagin sa huling
araw;
6 At sinuman ang magtataglay
ng aking pangalan, at [a]magtitiis
hanggang wakas, siya rin ay
maliligtas sa huling araw.
7 Kaya nga, anuman ang in-
yong gagawin, gawin ninyo ito
sa aking pangalan; kaya nga
tatawagin ninyo ang simbahan
sa aking pangalan; at kayo ay
mananawagan sa Ama sa aking
pangalan upang kanyang pag-
palain ang simbahan alang-
alang sa akin.
8 At paano ito magiging [a]sim-
bahan [b]ko maliban kung ito ay
tinatawag sa aking pangalan?
Sapagkat kung ang isang sim-
bahan ay tinatawag sa panga-
lan ni Moises, kung gayon iyon
ay simbahan ni Moises; o kung
iyon ay tatawagin sa pangalan
ng isang tao kung gayon iyon
ay simbahan ng isang tao; ngu-
nit kung ito ay tinatawag sa
aking pangalan kung gayon ito
ay aking simbahan, kung mang-
yayari na ang mga ito ay nakata-
yo sa aking ebanghelyo.
9 Katotohanang sinasabi ko sa
inyo, na kayo ay nakatayo sa
aking ebanghelyo; kaya nga, in-
yong tatawagin ang mga anu-
mang bagay na inyong tatawa-
gin, sa aking pangalan; kaya
nga, kapag kayo ay nananawa-
gan sa Ama, para sa simbahan,
kung ito ay sa aking pangalan,
diringgin kayo ng Ama;
10 At kung mangyayari na ang
simbahan ay nakatayo sa aking
ebanghelyo at saka lamang ipa-
kikita ng Ama ang kanyang sari-
ling mga gawain dito.
11 Ngunit kung hindi ito na-
katayo sa aking ebanghelyo, at
nakatayo sa mga gawa ng tao, o
sa mga gawa ng diyablo, kato-
tohanang sinasabi ko sa inyo
na mayroon silang kagalakan
sa kanilang mga gawa nang ka-
unting panahon, at maya-maya
ang wakas ay darating, at sila
ay [a]puputulin at ihahagis sa
apoy, kung saan ay walang ma-
kababalik.
12 Sapagkat ang kanilang mga
gawa ay [a]sumusunod sa kanila,
sapagkat dahil sa kanilang mga
gawa kung kaya sila ay pinupu-
tol; kaya nga, tandaan ang mga
bagay na sinabi ko sa inyo.
13 Masdan, naibigay ko na sa
inyo ang aking [a]ebanghelyo, at
ito ang ebanghelyo na aking ibi-
nigay sa inyo—na ako ay puma-
rito sa daigdig upang gawin ang
[b]kalooban ng aking Ama, sapag-
kat isinugo ako ng aking Ama.
14 At isinugo ako ng aking
Ama upang ako ay [a]ipako sa
krus; at matapos na ako ay mai-
pako sa krus, upang [b]mahikayat

5*a* gbk Jesucristo—Taglayin ang pangalan ni Jesucristo sa atin.
6*a* 3 Ne. 15:9.
8*a* gbk Jesucristo—Pinuno ng Simbahan.
*b* D at T 115:4.
11*a* Alma 5:52.
12*a* Apoc. 14:13; D at T 59:2.
13*a* D at T 76:40–42. gbk Ebanghelyo.
*b* Juan 6:38–39.
14*a* 1 Ne. 11:32–33; Moi. 7:55.
*b* Juan 6:44; 2 Ne. 9:5; D at T 27:18.

ko ang lahat ng tao na lumapit
sa akin, at katulad ng pagtataas
sa akin ng mga tao gayundin
ang mga tao ay ibabangon ng
aking Ama, upang tumayo sa
harapan ko, upang [c]hatulan sa
kanilang mga gawa, kung ang
mga yaon ay mabuti o kung ang
mga yaon ay masama—
15 At sa dahilang ito ako ay
[a]ipinako; kaya nga, alinsunod
sa kapangyarihan ng Ama ay
hihikayatin ko ang lahat ng tao
sa akin, upang sila ay mahatu-
lan alinsunod sa kanilang mga
gawa.
16 At ito ay mangyayari, na
sinuman ang [a]magsisisi at [b]ma-
bibinyagan sa aking pangalan
ay mapupuspos; at kung siya
ay [c]magtitiis hanggang wakas,
masdan, siya ay pawawalan
ko ng sala sa harapan ng aking
Ama sa araw na yaon kung ka-
ilan ako tatayo upang hatulan
ang sanlibutan.
17 At siya na hindi magtitiis
hanggang wakas, siya rin ang
siyang mapuputol at ihahagis
sa apoy, kung saan sila ay hindi
na makababalik pa, dahil sa [a]ka-
tarungan ng Ama.
18 At ito ang salitang kan-
yang ibinigay sa mga anak ng
tao. At sa ganitong dahilan kan-
yang tinutupad ang mga sali-
tang kanyang ibinigay, at hindi
siya nagsisinungaling, kundi ti-
nutupad ang lahat ng kanyang
mga salita.
19 At [a]walang maruming ba-
gay ang makapapasok sa kan-
yang kaharian; anupa't walang
makapapasok sa kanyang [b]ka-
pahingahan maliban sa mga ya-
ong [c]nahugasan ang kanilang
mga kasuotan ng aking dugo,
dahil sa kanilang pananampa-
lataya, at sa pagsisisi ng lahat
ng kanilang mga kasalanan, at
sa kanilang katapatan hanggang
sa wakas.
20 Ngayon, ito ang kautu-
san: [a]Magsisi, lahat kayong nasa
mga dulo ng mundo, at luma-
pit sa akin at [b]magpabinyag sa
aking pangalan, upang kayo ay
[c]pabanalin sa pamamagitan ng
pagtanggap sa Espiritu San-
to, upang kayo ay makatayong
[d]walang bahid-dungis sa aking
harapan sa huling araw.
21 Katotohanan, katotoha-
nan, sinasabi ko sa inyo, ito
ang aking ebanghelyo; at alam
ninyo ang mga bagay na kina-
kailangan ninyong gawin sa
aking simbahan; sapagkat ang
mga gawang nakita ninyong
ginawa ko ay siya rin ninyong
gagawin; sapagkat yaong na-
kita ninyong ginawa ko ay ga-
yon din ang nararapat ninyong
gawin;
22 Samakatwid, kung gagawin
ninyo ang mga bagay na ito, pi-

14*c* GBK Jesucristo—Hukom.
15*a* GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala.
16*a* GBK Magsisi, Pagsisisi.
*b* GBK Pagbibinyag, Binyagan.
*c* 1 Ne. 13:37. GBK Makapagtiis.
17*a* GBK Katarungan.
19*a* Alma 11:37.
*b* D at T 84:24. GBK Kapahingahan.
*c* Apoc. 1:5; 7:14; Alma 5:21, 27; 13:11–13.
20*a* Eter 4:18.
*b* GBK Pagbibinyag, Binyagan—Kinakailangan.
*c* GBK Pagpapabanal.
*d* D at T 4:2.

nagpala kayo, sapagkat kayo ay dadakilain sa huling araw.

23 Isulat ang mga bagay na inyong nakita at narinig, maliban doon sa mga [a]ipinagbabawal.

24 Isulat ang mga gawain ng mga taong ito, na mga mangyayari, maging katulad ng mga naisulat na, katulad ng mga nangyari na.

25 Sapagkat masdan, mula sa mga aklat na naisulat na, at isusulat pa, ay [a]hahatulan ang mga taong ito, sapagkat sa pamamagitan ng mga yaon ang kanilang mga [b]gawa ay ipahahayag sa mga tao.

26 At masdan, ang lahat ng bagay ay [a]isinulat ng Ama; kaya nga, mula sa mga aklat na isusulat ang sanlibutan ay hahatulan.

27 At alam ninyo na [a]kayo ay magiging mga hukom ng mga taong ito, alinsunod sa kahatulan na aking ibibigay sa inyo, na magiging makatarungan. Kung gayon, maging anong [b]uri ng mga tao ba nararapat kayo? Katotohanang sinasabi ko sa inyo, maging [c]katulad ko.

28 At ngayon, ako ay [a]patutungo sa Ama. At katotohanang sinasabi ko sa inyo, anumang mga bagay ang hihingin ninyo sa Ama sa aking pangalan ay ipagkakaloob sa inyo.

29 Kaya nga, [a]humingi, at kayo ay makatatanggap; kumatok, at kayo ay pagbubuksan; sapagkat siya na humihingi ay tumatanggap; at siya na kumakatok ay pagbubuksan.

30 At ngayon, masdan, ang aking kagalakan ay lubos, maging hanggang sa kapunuan, dahil sa inyo, at gayon din sa salinlahing ito; oo, at maging ang Ama ay nagsasaya, at gayon din ang lahat ng banal na anghel, dahil sa inyo at sa salinlahing ito; sapagkat [a]wala sa kanila ang naliligaw.

31 Masdan, nais kong inyong maunawaan; sapagkat ang tinutukoy ko ay sila na [a]ngayon ay nabubuhay sa salinlahing [b]ito; at wala sa kanila ang naliligaw; at sa kanila ay ganap ang aking [c]kagalakan.

32 Ngunit masdan, ako ay nagdadalamhati dahil sa [a]ikaapat na salinlahi mula sa salinlahing ito, sapagkat sila ay naakay palayo na bihag niya maging katulad ng anak na lalaki ng kapahamakan; sapagkat ipagbibili nila ako sa pilak at sa ginto, at sa mga yaong sinisira ng [b]tanga at kung saan ang mga magnanakaw ay sapilitang nakapapasok at nagnanakaw. At sa araw na iyon sila ay parurusahan ko, maging sa pagbabalik ng kanilang mga gawa sa kanilang mga sariling ulo.

33 At ito ay nangyari na, nang

23*a* 3 Ne. 26:16.
25*a* 2 Ne. 33:10–15; S ni M 1:11.
*b* 1 Ne. 15:32–33.
26*a* 3 Ne. 24:16. GBK Aklat ng Buhay.
27*a* 1 Ne. 12:9–10; Morm. 3:19.
*b* GBK Jesucristo—Halimbawa ni Jesucristo.
*c* Mat. 5:48; 3 Ne. 12:48.
28*a* Juan 20:17.
29*a* Mat. 7:7; 3 Ne. 14:7.
30*a* Juan 17:12.
31*a* 3 Ne. 9:11–13; 10:12.
*b* 3 Ne. 28:23.
*c* GBK Kagalakan.
32*a* 2 Ne. 26:9–10; Alma 45:10, 12.
*b* Mat. 6:19–21; 3 Ne. 13:19–21.

matapos si Jesus sa mga salitang
ito ay sinabi niya sa kanyang
mga disipulo: Pumasok kayo sa
[a]makipot na pasukan; sapagkat
makipot ang pasukan, at maki-
tid ang daan patungo sa buhay,
at kakaunti ang makasusum-
pong nito; ngunit malapad ang
pasukan, at malawak ang daan
patungo sa kamatayan, at mara-
mi ang naglalakbay roon, hang-
gang sa sumapit ang gabi, kung
saan ay walang taong makaga-
gawa pa.

## KABANATA 28

*Ang siyam sa Labindalawa ay nagnais at pinangakuan ng mana sa kaharian ni Cristo sa kanilang pagkamatay—Ang Tatlong Nephita ay nagnais at pinagkalooban ng kapangyarihan sa kamatayan upang sila ay manatili sa lupa hanggang sa si Jesus ay muling pumarito—Sila ay nagbagong-kalagayan at nakakita ng mga bagay na labag sa batas na bigkasin, at sila ngayon ay naglilingkod sa mga tao. Mga A.D. 34–35.*

AT ito ay nangyari na, nang
sabihin ni Jesus ang mga sali-
tang ito, siya ay nangusap sa
kanyang mga disipulo, isa-isa,
sinasabi sa kanila: Ano ba ang
inyong hihilingin sa akin, ma-
tapos na ako ay pumaroon sa
Ama?
2 At silang lahat ay nangusap,
maliban sa tatlo, sinasabing:
Hinihiling namin na pagkatapos
naming mabuhay hanggang sa
gulang ng tao, na ang aming
ministeryo, kung saan kami ay
tinawag ninyo, ay magkaroon
ng wakas, na kami ay mabilis
na magtungo sa inyo sa inyong
kaharian.
3 At kanyang sinabi sa kani-
la: Pinagpala kayo dahil sa hin-
ling ninyo ang bagay na ito sa
akin; kaya nga, matapos na kayo
ay maging pitumpu at dalawang
taong gulang kayo ay paroroon
sa akin sa aking kaharian; at sa
akin matatagpuan ninyo ang
[a]kapahingahan.
4 At nang siya ay makapa-
ngusap na sa kanila, ibinaling
niya ang kanyang sarili sa tat-
lo, at sinabi sa kanila: Ano ang
nais ninyong gawin ko para sa
inyo, kapag ako ay pumaroon
na sa Ama?
5 At sila ay nalungkot sa kani-
lang mga puso, sapagkat hindi
nila masabi sa kanya ang bagay
na kanilang ninanais.
6 At kanyang sinabi sa kanila:
Masdan, [a]nalalaman ko ang in-
yong mga iniisip, at inyong
nais ang bagay na kung alin, si
[b]Juan, na aking pinakamamahal,
na nakasama ko sa aking minis-
teryo, bago ako ipinako ng mga
Judio, ay hiniling sa akin.
7 Kaya nga, higit kayong pi-
nagpala, sapagkat [a]hindi kayo
kailanman makatitikim ng [b]ka-

33*a* Mat. 7:13–14; 3 Ne. 14:13–14; D at T 22:1–4.
**28** 3*a* GBK Kapahingahan.
6*a* Amos 4:13; Alma 18:32.
*b* Juan 21:21–23; D at T 7:1–4.
7*a* 4 Ne. 1:14; Morm. 8:10–11; Eter 12:17.
*b* GBK Taong Nagbagong-kalagayan, Mga.

matayan; kundi kayo ay mabu-
buhay upang mamasdan ang
lahat ng gawa ng Ama sa mga
anak ng tao, maging hanggang
sa ang lahat ng bagay ay matu-
pad alinsunod sa kalooban ng
Ama, kung kailan ako ay papa-
rito sa aking kaluwalhatian sa
[c]kapangyarihan ng langit.
8 At hindi ninyo kailanman
titiisin ang mga kirot ng kama-
tayan; kundi sa pagparito ko sa
aking kaluwalhatian, kayo ay
mababago sa isang kisapmata
mula sa pagiging [a]may kama-
tayan sa pagiging [b]walang ka-
matayan; at pagkatapos kayo
ay pagpapalain sa kaharian ng
aking Ama.
9 At muli, hindi kayo makara-
ranas ng kirot habang kayo ay
nananahan sa laman, ni kalung-
kutan, maliban sa mga kasala-
nan ng sanlibutan; at lahat ng
ito ay gagawin ko dahil sa ba-
gay na hiniling ninyo sa akin,
dahil sa ninais ninyo na kayo
ay [a]makapagdala ng mga kalu-
luwa ng tao sa akin, habang
ang daigdig ay nakatindig.
10 At sa dahilang ito, kayo
ay magkakaroon ng [a]kaganapan
ng kagalakan; at kayo ay uupo
sa kaharian ng aking Ama; oo,
ang inyong kagalakan ay malu-
lubos, maging katulad ng ganap
na kagalakang ibinigay sa akin
ng Ama; at kayo ay magiging
katulad ko, at maging ako ay
katulad ng Ama; at ang Ama at
ako ay [b]isa;
11 At ang [a]Espiritu Santo ay
nagpapatotoo sa Ama at sa akin;
at ibinigay ng Ama ang Espiritu
Santo sa mga anak ng tao, dahil
sa akin.
12 At ito ay nangyari na, nang
matapos bigkasin ni Jesus ang
mga salitang ito, hinipo niya
ng kanyang daliri ang bawat
isa sa kanila maliban sa tatlong
mananatili, at pagkatapos siya
ay lumisan.
13 At masdan, ang kalangitan
ay nabuksan, at sila ay [a]napasa-
langit, at nakakita at nakarinig
ng mga bagay na hindi maa-
aring bigkasin.
14 At iyon ay [a]ipinagbawal sa
kanila na kanilang bigkasin; ni
hindi rin sila binigyan ng ka-
pangyarihan na mabigkas nila
ang mga bagay na kanilang na-
kita at narinig;
15 At kung sila man ay nasa
katawan o wala sa katawan, hin-
di nila masabi; sapagkat tila ba-
gang sa kanila, ito ay mistulang
[a]pagbabagong-anyo nila, na sila
ay nabago mula sa katawang la-
man tungo sa kalagayang wa-
lang kamatayan, kaya't kanilang
nagawang mamasdan ang mga
bagay ng Diyos.
16 Ngunit ito ay nangyari na,
na sila ay muling nangaral sa
balat ng lupa; gayunpaman,
hindi sila nangaral ng mga ba-

7*c* 3 Ne. 20:22.
8*a* 3 Ne. 28:36–40.
GBK Tiyak na Pagkamatay, May Kamatayan.
*b* GBK Kawalang-kamatayan, Walang Kamatayan.
9*a* Fil. 1:23–24; D at T 7:5–6.
10*a* D at T 84:36–38.
*b* Juan 17:20–23.
11*a* 2 Ne. 31:17–21; 3 Ne. 11:32.
13*a* 2 Cor. 12:2–4.
14*a* D at T 76:114–116.
15*a* Moi. 1:11.
GBK Pagbabagong-anyo.

gay na kanilang narinig at nakita, dahil sa kautusang ibinigay sa kanila sa langit.
17 At ngayon, kung sila man ay may kamatayan o walang kamatayan, mula sa araw ng kanilang pagbabagong-anyo, hindi ko alam;
18 Ngunit ito lamang ang nalalaman ko, alinsunod sa talaang ibinigay—sila ay humayo sa ibabaw ng lupain, at naglingkod sa lahat ng tao, pinagbubuklod ang kasindami ng naniwala sa kanilang pangangaral sa simbahan; binibinyagan sila, at kasindami ng nabinyagan ay tumanggap ng Espiritu Santo.
19 At sila ay itinapon sa bilangguan nila na hindi kabilang sa simbahan. At ang mga [a]bilangguan ay hindi makapigil sa kanila, sapagkat ang mga yaon ay nahati sa dalawa.
20 At inihulog sila sa lupa; ngunit kanilang tinigatig ang lupa ng salita ng Diyos, kung kaya't sa pamamagitan ng kanyang [a]kapangyarihan sila ay nakalaya sa kailaliman ng lupa; at dahil dito sila ay hindi makahukay ng mga balon na sapat upang pumigil sa kanila.
21 At tatlong ulit silang inihagis sa [a]hurno at hindi nasaktan.
22 At dalawang ulit silang inihagis sa [a]lungga ng mababangis na hayop; at masdan, sila ay nakipaglaro sa mga hayop tulad ng isang musmos sa pasusuhing kordero at hindi nasaktan.
23 At ito ay nangyari na, na sa ganoon sila humayo sa lahat ng tao ni Nephi, at ipinangaral ang [a]ebanghelyo ni Cristo sa lahat ng tao sa ibabaw ng lupain; at sila ay nagbalik-loob sa Panginoon, at sumapi sa simbahan ni Cristo, at sa gayon pinagpala ang mga tao ng salinlahing [b]yaon, alinsunod sa mga salita ni Jesus.
24 At ngayon, ako, si Mormon ay pansamantalang nagtatapos ng pagsasalita hinggil sa mga bagay na ito.
25 Masdan, isusulat ko na sana ang mga [a]pangalan ng yaong hindi kailanman makatitikim ng kamatayan, ngunit ipinagbawal ng Panginoon; kaya nga, hindi ko yaon isinulat, sapagkat sila ay nakukubli sa sanlibutan.
26 Ngunit masdan, nakita ko na sila, at sila ay nagsipaglingkod sa akin.
27 At masdan, sila ay mapapasa mga Gentil, at ang mga Gentil ay hindi sila makikilala.
28 At sila rin ay mapapasa mga Judio, at ang mga Judio ay hindi sila makikilala.
29 At ito ay mangyayari, kung kailan mamarapatin ng Panginoon sa kanyang karunungan na sila ay maglilingkod sa lahat ng [a]nangagkalat na mga lipi ng Israel, at sa lahat ng ban-

19*a* Gawa 16:26; Alma 14:26–28.
20*a* Morm. 8:24.
21*a* Dan. 3:22–27; 4 Ne. 1:32.
22*a* Dan. 6:16–23; 4 Ne. 1:33.
23*a* GBK Ebanghelyo.
*b* 3 Ne. 27:30–31.
25*a* 3 Ne. 19:4.
29*a* GBK Israel—Ang pagkalat ng Israel; Israel—Ang sampung nawawalang lipi ni Israel.

sa, lahi, wika at tao, at magda-
dala mula sa kanila tungo kay
Jesus ng maraming kaluluwa,
nang ang kanilang hangarin ay
matupad, at gayundin dahil
sa nakapanghihikayat na ka-
pangyarihan ng Diyos na nasa
kanila.
30 At sila ay tulad ng mga
[a]anghel ng Diyos, at kung sila ay
mananalangin sa Ama sa pa-
ngalan ni Jesus ay maaari ni-
lang ipakita ang kanilang sarili
sa kanino mang tao kung inaa-
kala nilang makabubuti.
31 Anupa't dakila at mga ka-
gila-gilalas na gawa ang ga-
gawin nila, bago ang [a]dakila at
darating na araw kung kailan
ang lahat ng tao ay tiyak na ta-
tayo sa harapan ng hukumang-
luklukan ni Cristo;
32 Oo, maging sa mga Gentil
ay magkakaroon ng isang [a]da-
kila at kagila-gilalas na gawa
na kanilang gagawin, bago ang
araw ng paghuhukom.
33 At kung mayroon kayo ng
lahat ng banal na kasulatan na
nagbibigay-ulat sa lahat ng ka-
gila-gilalas na mga gawa ni
Cristo, malalaman ninyo, ayon
sa mga salita ni Cristo, na ang
mga bagay na ito ay tiyak na
darating.
34 At sa aba niya na [a]hindi
makikinig sa mga salita ni
Jesus, at gayundin sa [b]kanila na
kanyang mga pinili at isinugo
sa kanila; sapagkat sinuman
ang hindi tatanggap sa mga sa-
lita ni Jesus at sa mga salita nila
na kanyang isinugo ay hindi
tumatanggap sa kanya; at kaya
nga, hindi niya sila tatanggapin
sa huling araw;
35 At higit na mabuti pa para
sa kanila kung hindi na sila isi-
nilang. Sapagkat inaakala ba
ninyo na kayo ay maaaring ma-
kaiwas sa katarungan ng isang
nagdaramdam na Diyos, na [a]ni-
yurakan sa ilalim ng mga paa
ng tao, nang sa gayong paraan
ang kaligtasan ay maaaring du-
mating?
36 At ngayon masdan, tulad ng
sinabi ko hinggil sa mga yaong
pinili ng Panginoon, oo, maging
ang tatlong dinala sa kalangitan,
na hindi ko alam kung sila ay
nalinis mula sa pagiging may
kamatayan tungo sa kawalang-
kamatayan—
37 Ngunit masdan, mula nang
ako ay sumulat, ako ay nagta-
nong sa Panginoon, at kanyang
ipinaalam sa akin na kinaka-
ilangang may gawing pagba-
bago sa kanilang mga katawan,
o kung hindi, kinakailangan
na sila ay makatikim ng kama-
tayan;
38 Anupa't upang hindi sila
makatikim ng kamatayan ay
may ginawang [a]pagbabago sa
kanilang mga katawan, upang
huwag silang magdanas ng ki-
rot o kalungkutan maliban sa
mga kasalanan ng sanlibutan.
39 Ngayon, ang pagbabagong
ito ay hindi kapantay ng yaong

30*a* GBK Anghel, Mga.
31*a* Hel. 12:25;
3 Ne. 26:4–5.
32*a* 2 Ne. 25:17.
34*a* Eter 4:8–12.
*b* GBK Propeta.
35*a* Hel. 12:2.
38*a* GBK Taong
Nagbagong-
kalagayan,
Mga.

mangyayari sa huling araw;
ngunit may pagbabagong gi-
nawa sa kanila, kaya nga't si
Satanas ay hindi magkakaroon
ng kapangyarihan sa kanila, na
hindi niya sila [a]matutukso; at
sila ay ginawang [b]banal sa la-
man, kaya nga sila ay mga
[c]banal, at ang mga may ka-
pangyarihan sa lupa ay hindi
makapipigil sa kanila.
40 At sa ganitong kalagayan
sila ay mamamalagi hanggang
sa araw ng paghuhukom ni
Cristo; at sa araw na yaon, sila
ay tatanggap ng higit na mala-
king pagbabago, at tatanggapin
sa kaharian ng Ama, upang
hindi na lumabas pa, kundi
mananahanan kasama ng Diyos
magpasawalang hanggan sa
kalangitan.

## KABANATA 29

*Ang paglabas ng Aklat ni Mormon ay isang palatandaan na ang Panginoon ay nagsimula nang tipunin ang Israel at tuparin ang kanyang mga tipan—Sila na tatanggi sa mga paghahayag sa huling araw at sa mga kaloob ay susumpain. Mga* A.D. *34–35.*

At ngayon, masdan, sinasabi
ko sa inyo na kung kailan ma-
marapatin ng Panginoon, sa
kanyang karunungan, na ang
mga salitang ito ay [a]maipahayag
sa mga Gentil alinsunod sa
kanyang salita, doon ninyo
malalaman na ang [b]tipang gi-
nawa ng Ama sa mga anak ni
Israel, hinggil sa kanilang pag-
babalik sa mga lupaing kani-
lang mana, ay nagsisimula
nang matupad.
2 At malalaman ninyo na ang
mga salita ng Panginoon, na wi-
nika ng mga banal na propeta,
ay matutupad na lahat; at hindi
na ninyo kinakailangang sabi-
hin na [a]inaantala ng Panginoon
ang kanyang pagparito sa mga
anak ni Israel.
3 At hindi ninyo kinakaila-
ngan na akalain sa inyong mga
puso na ang mga salitang wini-
ka ay mga walang saysay, sa-
pagkat masdan, aalalahanin ng
Panginoon ang tipang ginawa
niya sa kanyang mga tao na
sambahayan ni Israel.
4 At kapag inyong mapagtan-
to na ang mga salitang ito ay
ipinahahayag sa inyo, sa gayon
ay hindi na ninyo kinakaila-
ngan pang itatwa ang mga ga-
wain ng Panginoon, sapagkat
ang [a]espada ng kanyang [b]ka-
tarungan ay nasa kanyang
kanang kamay; at masdan, sa
araw na yaon, kung inyong ta-
tanggihan ang kanyang mga
gawain, kanyang papapangyari-
hin na kayo ay maabutan nito.
5 Sa [a]aba niya na [b]tatanggi sa
mga gawain ng Panginoon; oo,
sa aba niya na [c]magtatatwa kay

39*a* GBK Tukso, Panunukso.
*b* GBK Pagpapabanal.
*c* GBK Kabanalan.
**29** 1*a* 2 Ne. 30:3–8.
*b* Morm. 5:14, 20.
2*a* Lu. 12:45–48.
4*a* 3 Ne. 20:20.
*b* GBK Katarungan.
5*a* 2 Ne. 28:15–16.
*b* Morm. 8:17; Eter 4:8–10.
*c* Mat. 10:32–33.

Cristo at sa kanyang mga ga-
wain!
6 Oo, sa [a]aba niya na ikaka-
ila ang mga paghahayag ng Pa-
nginoon, at magsasabing hindi
na gumagawa ang Panginoon sa
pamamagitan ng paghahayag,
o ng propesiya, o ng mga [b]kalo-
ob, o ng mga wika, o ng mga
pagpapagaling, o sa pamama-
gitan ng kapangyarihan ng Es-
piritu Santo!
7 Oo, at sa aba niya na magsa-
sabi sa araw na yaon, upang
[a]makinabang, na [b]hindi na mag-
kakaroon pa ng mga himalang
gagawin si Jesucristo; sapagkat
siya na gagawa nito ay magi-
ging katulad ng [c]anak na lalaki
ng kapahamakan, para sa kanya
ay walang awa, ayon sa salita
ni Cristo!
8 Oo, at hindi na kayo kaila-
ngan pang [a]mag-anasan, o [b]tu-
manggi, o paglaruan ang mga
[c]Judio, o sinuman sa labi ng
sambahayan ni Israel; sapagkat
masdan, maalaala ng Panginoon
ang kanyang tipan sa kanila, at
kanyang gagawin sa kanila ang
alinsunod doon sa kanyang isi-
numpa.
9 Kaya nga, huwag ninyong
akalain na maaari ninyong iba-
ling ang kanang kamay ng Pa-
nginoon sa kaliwa, upang hindi
niya maisagawa ang kahatulan
sa ikatutupad ng kanyang gina-
wang tipan sa sambahayan ni
Israel.

## KABANATA 30

*Ang mga Gentil sa huling araw ay inuutusang magsisi, lumapit kay Cristo, at mabilang sa sambahayan ni Israel. Mga A.D. 34–35.*

MAKINIG, O kayong mga Gentil,
at pakinggan ang mga salita ni
Jesucristo, ang Anak ng buhay
na Diyos, na kanyang [a]iniutos
sa akin na sabihin ko hinggil sa
inyo, sapagkat masdan, ako ay
inutusan niya na ako ay sumu-
lat, sinasabing:
2 Tumalikod, lahat kayong
mga [a]Gentil mula sa inyong
masasamang ugali; at [b]magsisi
sa inyong masasamang gawain,
sa inyong mga pagsisinungaling
at panlilinlang, at sa inyong mga
pagpapatutot, at sa inyong mga
lihim na gawaing karumal-du-
mal, at sa inyong mga pagsamba
sa diyus-diyusan, at sa inyong
mga pagpaslang, at sa inyong
mga huwad na pagkasaserdote,
at sa inyong mga inggitan, at sa
inyong mga sigalutan, at mula
sa lahat ninyong mga kasamaan
at karumal-dumal na gawain, at
magsilapit sa akin, at magpabin-
yag sa aking pangalan, upang
kayo ay tumanggap ng kapata-
waran sa inyong mga kasala-

6*a* Morm. 9:7–11, 15.
*b* GBK Kaloob ng Espiritu, Mga.
7*a* GBK Huwad na Pagkasaserdote.
*b* 2 Ne. 28:4–6; Morm. 9:15–26.
*c* GBK Anak na Lalaki ng Kapahamakan, Mga.
8*a* 1 Ne. 19:14.
*b* 2 Ne. 29:4–5.
*c* GBK Judio, Mga.
**30** 1*a* 3 Ne. 5:12–13.
2*a* GBK Gentil, Mga.
*b* GBK Magsisi, Pagsisisi.

nan, at mapuspos ng Espiritu Santo, upang kayo ay [c]mabilang sa aking mga tao na sambahayan ni Israel.

# Ikaapat na Nephi
# Ang Aklat ni Nephi

NA ANAK NI NEPHI—ISA SA MGA DISIPULO NI JESUCRISTO

Isang ulat ng mga tao ni Nephi, ayon sa kanyang talaan.

*Ang mga Nephita at ang mga Lamanita ay nagbalik-loob na lahat sa Panginoon—Sila ay may pagkakapantay-pantay sa lahat ng bagay, gumagawa ng mga himala, at umunlad sa lupain—Pagkaraan ng dalawang daang taon, lumitaw ang mga paghahati-hati, kasamaan, maling simbahan, at pag-uusig—Pagkaraan ng tatlong daang taon, kapwa ang mga Nephita at ang mga Lamanita ay naging masasama—Itinago ni Amaron ang mga banal na talaan. Mga* A.D. *35–321.*

AT ito ay nangyari na, na ang ikatatlumpu at apat na taon ay lumipas, at gayon din ang ikatatlumpu at lima, at masdan, ang mga disipulo ni Jesus ay nagtatag ng simbahan ni Cristo sa lahat ng lupain sa paligid. At kasindami ng lumapit sa kanila, at tunay na nagsisi ng kanilang mga kasalanan, ay bininyagan sa pangalan ni Jesus; at sila rin ay tumanggap ng Espiritu Santo.
2 At ito ay nangyari na, na sa ikatatlumpu at anim na taon, ang mga tao ay nagbalik-loob na lahat sa Panginoon, sa ibabaw ng buong lupain, kapwa ang mga Nephita at Lamanita, at hindi nagkaroon ng mga alitan at pagtatalu-talo sa kanila, at bawat tao ay makatarungan ang pakikitungo sa isa't isa.
3 At nagkaroon ng pagkakapantay-pantay sa [a]lahat ng bagay sa kanila; kaya nga walang mayaman at mahirap, alipin at malaya, kundi silang lahat ay ginawang malaya, at magkasalo sa makalangit na handog.
4 At ito ay nangyari na, na lumipas din ang ikatatlumpu at pitong taon, at nagpatuloy pa rin ang kapayapaan sa lupain.
5 At may dakila at mga kagila-gilalas na gawaing ginawa ang mga disipulo ni Jesus, na sila ay [a]nagpagaling ng maykaramdaman, at nagpabangon ng patay, at pinapangyari na ang pilay ay makalakad, ang bulag na makakita, at ang bingi na ma-

2*c* Gal. 3:27–29; 2 Ne. 10:18–19; 3 Ne. 16:10–13; 21:22–25; Abr. 2:10.
[4 NEPHI]
**1** 3*a* Gawa 4:32; 3 Ne. 26:19. GBK Paglalaan, Batas ng Paglalaan.
5*a* GBK Pinagaling, Pagpapagaling.

karinig; at lahat ng uri ng [b]himala ay ginawa nila sa mga anak ng tao; at wala silang nagawang mga himala maliban kung yaon ay sa pangalan ni Jesus.
6 At sa gayon lumipas ang ikatatlumpu at walong taon, at gayon din ang ikatatlumpu at siyam, at ikaapatnapu at isa, at ikaapatnapu at dalawa, oo, maging hanggang sa ang ikaapatnapu at siyam na taon ay lumipas, at gayon din ang ikalimampu at isa, at ang ikalimampu at dalawa; oo, at maging hanggang sa ang ikalimampu at siyam na taon ay lumipas.
7 At lubos silang pinaunlad ng Panginoon sa lupain; oo, hanggang sa muli silang nakapagtayo ng mga lunsod kung saan may mga lunsod na nasunog.
8 Oo, maging ang dakilang [a]lunsod ng Zarahemla ay pinapangyari nilang maitayong muli.
9 Ngunit maraming lunsod ang [a]lumubog, at mga tubig ang pumalit sa mga lugar niyon; kaya nga, ang mga lunsod na ito ay hindi na mapapanumbalik.
10 At ngayon, masdan, ito ay nangyari na, na ang mga tao ni Nephi ay naging makapangyarihan, at napakabilis na dumami, at naging labis na [a]kaakit-akit at mga kaaya-ayang tao.
11 At sila ay nag-asawa, at ibinigay sa pag-aasawa, at pinagpala alinsunod sa maraming pangakong ginawa ng Panginoon sa kanila.
12 At hindi na sila lumakad pa sa pagsunod sa mga [a]pagganap at ordenansa ng mga [b]batas ni Moises; kundi sila ay lumakad alinsunod sa mga kautusang natanggap nila mula sa kanilang Panginoon at kanilang Diyos, nagpapatuloy sa [c]pag-aayuno at panalangin, at sa madalas na pagtitipong magkakasama kapwa upang manalangin at makinig sa salita ng Panginoon.
13 At ito ay nangyari na, na hindi nagkaroon ng alitan sa lahat ng tao, sa buong lupain; kundi may mga makapangyarihang himalang ginawa sa mga disipulo ni Jesus.
14 At ito ay nangyari na, na ang ikapitumpu at isang taon ay lumipas, at gayon din ang ikapitumpu at dalawang taon, oo, sa madaling salita, hanggang sa ang ikapitumpu at siyam na taon ay lumipas; oo, maging ang isandaang taon ay lumipas, at ang mga disipulo ni Jesus, na kanyang pinili, ay pumaroon nang lahat sa [a]paraiso ng Diyos, maliban sa [b]tatlong maiiwan; at may mga ibang [c]disipulo na [d]inordenang kahalili nila; at marami rin sa salinlahing yaon ang pumanaw.

5*b* Juan 14:12. GBK Himala.
8*a* 3 Ne. 8:8.
9*a* 3 Ne. 9:4, 7.
10*a* Morm. 9:6.
12*a* 2 Ne. 25:30; 3 Ne. 15:2–8.
*b* GBK Batas ni Moises, Mga.
*c* Moro. 6:5; D at T 88:76–77.
14*a* GBK Paraiso.
*b* 3 Ne. 28:3–9. GBK Taong Nagbagong-kalagayan, Mga.
*c* GBK Disipulo.
*d* GBK Ordenan, Pag-oorden.

15 At ito ay nangyari na,
na [a]hindi nagkaroon ng alitan
sa lupain, dahil sa pag-ibig sa
Diyos na nananahan sa mga
puso ng tao.
16 At [a]walang mga inggitan,
ni sigalutan, ni alitan, ni pagpa-
patutot, ni pagsisinungaling, ni
pagpaslang, ni anumang uri ng
[b]kahalayan; at tunay na wala
nang [c]mas maliligayang tao pa
sa lahat ng tao na nilikha ng ka-
may ng Diyos.
17 Walang mga tulisan, ni ma-
mamatay-tao, ni nagkaroon ng
mga Lamanita, ni anumang uri
ng mga "ita"; kundi sila ay [a]iisa,
ang mga anak ni Cristo, at mga
tagapagmana ng kaharian ng
Diyos.
18 O labis silang pinagpala!
Sapagkat pinagpala sila ng Pa-
nginoon sa lahat ng kanilang
mga gawain; oo, maging sila ay
pinagpala at pinaunlad hang-
gang sa ang isandaan at sam-
pung taon ay nakalipas; at ang
unang salinlahi mula kay Cristo
ay pumanaw, at hindi nagkaro-
on ng alitan sa buong lupain.
19 At ito ay nangyari na, na
si Nephi, siya na nag-ingat ni-
tong huling talaan, (at kanyang
itinala ito sa mga [a]lamina ni Ne-
phi) ay namatay, at, ang kan-
yang anak na si Amos ang hu-
maliling nag-ingat nito; at itina-
la niya iyon sa mga lamina rin
ni Nephi.
20 At iningatan niya ito nang
walumpu at apat na taon, at
mayroon pang kapayapaan sa
lupain, maliban sa isang maliit
na bahagi ng mga tao na nag-
himagsik sa simbahan at dinala
nila sa sarili ang pangalang
Lamanita; anupa't muling nag-
karoon ng mga Lamanita sa lu-
pain.
21 At ito ay nangyari na, na si
Amos ay namatay na rin, (at ito
ay isandaan at siyamnapu at
apat na taon mula nang puma-
rito si Cristo) at ang kanyang
anak na si Amos ang humali-
ling nag-ingat ng talaan; at iti-
nala rin niya iyon sa mga lamina
ni Nephi; at iyon ay naisulat
din sa aklat ni Nephi, kung alin
ay ang aklat na ito.
22 At ito ay nangyari na, na
dalawang daang taon ang lumi-
pas; at ang ikalawang salinlahi
ay nangamatay na lahat maliban
sa iilan.
23 At ngayon, ako, si Mormon,
ay nagnanais na inyong mala-
man na ang mga tao ay nagsi-
dami, hanggang sa sila ay ku-
malat sa ibabaw ng buong lu-
pain, at sila ay yumaman nang
labis, dahil sa kanilang kasaga-
naan kay Cristo.
24 At ngayon, dito sa ikadala-
wang daan at isang taon ay nag-
simulang magkaroon sa kanila
ng mga yaong iniangat sa [a]ka-
palaluan, tulad ng pagsusuot
ng mamahaling kasuotan, at la-
hat ng uri ng maiinam na per-
las, at ng maiinam na bagay ng
daigdig.

15*a* GBK Kapayapaan.
16*a* GBK Pagkakaisa.
*b* GBK Pagnanasa.
*c* Mos. 2:41;
Alma 50:23.
GBK Kagalakan.
17*a* Juan 17:21. GBK Sion.
19*a* GBK Lamina, Mga.
24*a* GBK Kapalaluan.

25 At mula sa panahong yaon,
ang kanilang mga ari-arian at
kanilang mga kabuhayan ay
hindi na naging [a]pangkalahatan
sa kanila.
26 At sila ay nagsimulang ma-
hati sa mga uri; at sila ay nagsi-
mulang magtayo ng mga [a]sim-
bahan para sa kanilang sarili
upang [b]makinabang, at nagsi-
mulang itatwa ang tunay na
simbahan ni Cristo.
27 At ito ay nangyari na, nang
ang dalawang daan at sampung
taon ay makalipas, nagkaroon
ng maraming simbahan sa lupa-
in; oo, maraming simbahan ang
nagpahayag na kilala si Cristo,
gayunpaman, kanilang [a]itinat-
wa ang malaking bahagi ng kan-
yang ebanghelyo, kung kaya
nga't sila ay tumanggap ng la-
hat ng uri ng kasamaan, at ibi-
nahagi yaong kung alin ay banal
sa kanya na pinagbabawalan
dahil sa pagiging [b]hindi kara-
pat-dapat.
28 At ang [a]simbahang ito ay
labis na dumami dahil sa kasa-
maan, at dahil sa kapangyarihan
ni Satanas na nakasilo sa kani-
lang mga puso.
29 At muli, may ibang simba-
han na itinatatwa si Cristo; at
kanilang [a]inusig ang tunay na
simbahan ni Cristo, dahil sa ka-
nilang pagpapakumbaba at ka-
nilang paniniwala kay Cristo;
at kanilang kinamuhian sila da-
hil sa maraming himalang gina-
wa sa kanila.
30 Anupa't sila ay gumamit ng
kapangyarihan at karapatan sa
mga disipulo ni Jesus na naiwan
sa kanila, at sila'y kanilang itina-
pon sa [a]bilangguan; ngunit sa
pamamagitan ng kapangyari-
han ng salita ng Diyos na taglay
nila, ang mga bilangguan ay na-
hati sa dalawa, at sila ay huma-
yong gumagawa ng mga maka-
pangyarihang himala sa kanila.
31 Gayunpaman, at sa kabila
ng lahat ng himalang ito ay pi-
natigas ng mga tao ang kanilang
mga puso, at naghangad na pa-
tayin sila, katulad ng mga Judio
sa Jerusalem na naghangad na
patayin si Jesus, ayon sa kan-
yang salita.
32 At kanila silang itinapon sa
mga [a]hurno ng [b]apoy, at sila ay
lumabas na hindi nasaktan.
33 At kanila rin silang itina-
pon sa mga [a]lungga ng maba-
bangis na hayop, at sila ay na-
kipaglaro sa mababangis na
hayop katulad ng isang bata
sa isang kordero; at sila ay lu-
mabas muli mula sa kanila, na
hindi nasaktan.
34 Gayunpaman, pinatigas ng
mga tao ang kanilang mga puso,
sapagkat sila ay naakay ng ma-
raming saserdote at mga bula-
ang propeta na magtayo ng ma-
raming simbahan, at gumawa
ng lahat ng uri ng kasamaan.

25*a* 4 Ne. 1:3.
26*a* 1 Ne. 22:23; 2 Ne. 28:3; Morm. 8:32–38.
*b* D at T 10:56. GBK Huwad na Pagkasaserdote.
27*a* GBK Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan.
*b* 3 Ne. 18:28–29.
28*a* GBK Diyablo—Ang simbahan ng diyablo.
29*a* GBK Usigin, Pag-uusig.
30*a* 3 Ne. 28:19–20.
32*a* 3 Ne. 28:21.
*b* Dan. 3:26–27.
33*a* 3 Ne. 28:22.

At kanilang [a]sinaktan ang mga
tao ni Jesus; ngunit ang mga tao
ni Jesus ay hindi gumanti sa kanila.
At sa gayon sila nanghina
sa kawalang-paniniwala at sa
kasamaan, sa taun-taon, maging
hanggang sa ang dalawang daan
at tatlumpung taon ay lumipas.
35 At ngayon ito ay nangyari
na, na sa taong ito, oo, sa ikadalawang
daan at tatlumpu at
isang taon, nagkaroon ng malaking
pagkakahati sa mga tao.
36 At ito ay nangyari na, na sa
taong ito ay may lumitaw na
mga tao na tinatawag na mga
Nephita, at sila ay mga tunay
na naniniwala kay Cristo; at sa
kanila ay may tinatawag na mga
Lamanita—Jacobeo, at Josefita,
at Zoramita;
37 Anupa't, ang mga tunay na
naniniwala kay Cristo, at ang
mga tunay na sumasamba kay
Cristo, (kasama rito ang [a]tatlong
disipulo ni Jesus na naiwan) ay
tinawag na mga Nephita, at Jacobeo,
at Josefita, at Zoramita.
38 At ito ay nangyari na, na
sila na mga tumanggi sa ebanghelyo
ay tinawag na mga Lamanita,
at Lemuelita, at Ismaelita;
at sila ay hindi nanghina sa kawalang-paniniwala,
kundi sila
ay hayagang [a]naghimagsik laban
sa ebanghelyo ni Cristo;
at itinuro nila sa kanilang mga
anak na huwag silang maniwala,
maging katulad ng kanilang
mga ama, mula sa simula, ay
mga nanghina.
39 At ito ay dahil sa kasamaan
at karumal-dumal na gawain ng
kanilang mga ama, maging katulad
sa simula. At sila ay [a]tinuruang
mapoot sa mga anak ng
Diyos, maging katulad ng itinuro
sa mga Lamanita na mapoot
sa mga anak ni Nephi mula sa
simula.
40 At ito ay nangyari na, na
dalawang daan at apatnapu at
apat na taon ang lumipas, at gayon
ang mga pangyayari sa mga
tao. At ang higit na masasamang
bahagi ng mga tao ay naging
makapangyarihan, at naging higit
na napakarami kaysa sa mga
tao ng Diyos.
41 At sila ay patuloy na nagtatayo
ng mga simbahan para sa kanilang
sarili, at ginayakan nila
yaon ng lahat ng uri ng mahahalagang
bagay. At sa gayon
lumipas ang dalawang daan at
limampung taon, at gayon din
ang dalawang daan at animnapung
taon.
42 At ito ay nangyari na, na
ang masamang bahagi ng mga
tao ay muling nagsimulang itatag
ang mga lihim na sumpaan
at [a]pagsasabwatan ni Gadianton.
43 At gayon din ang mga tao
na tinatawag na mga tao ni Nephi
ay nagsimulang maging palalo
sa kanilang mga puso, dahil
sa kanilang labis na kayamanan,
at naging mapagmalaki katulad
ng kanilang mga kapatid, na
mga Lamanita.

34*a* 3 Ne. 12:39; D at T 98:23–27.
37*a* 3 Ne. 28:6–7; Morm. 8:10–11.
38*a* GBK Paghihimagsik.
39*a* Mos. 10:17.
42*a* GBK Lihim na Pagsasabwatan, Mga.

44 At magmula sa panahong
ito, ang mga disipulo ay nagsi-
mulang malungkot dahil sa mga
[a]kasalanan ng sanlibutan.
45 At ito ay nangyari na, nang
lumipas ang tatlong daang taon,
kapwa ang mga tao ng mga Ne-
phita at ang mga Lamanita ay
naging napakasasama, ang isa
katulad ng isa.
46 At ito ay nangyari na, na
ang mga tulisan ni Gadianton ay
kumalat sa ibabaw ng buong
lupain; at wala ni isa mang ma-
buti maliban sa mga disipulo ni
Jesus. At sila ay nagtabi ng ma-
raming ginto at pilak, at nanga-
lakal ng lahat ng uri ng kalakal.
47 At ito ay nangyari na, na
pagkaraang ang tatlong daan at
limang taon ay lumipas, (at ang
mga tao ay nanatili pa rin sa
kasamaan) si Amos ay namatay;
at ang kanyang kapatid, na si
Amaron, ang humaliling nag-
ingat ng mga talaan.
48 At ito ay nangyari na, nang
lumipas ang tatlong daan at da-
lawampung taon, si Amaron, na
napilit ng Espiritu Santo, ay iti-
nago ang mga [a]talaan na mga
banal—oo, maging lahat ng ba-
nal na talaang ipinasa-pasa sa
bawat sali't salinlahi, kung alin
ay mga banal—maging hang-
gang sa ikatatlong daan at dala-
wampung taon mula ng puma-
rito si Cristo.
49 At kanyang ikinubli ang
mga ito ayon sa Panginoon,
upang ito ay muling [a]mabalik sa
mga labi ng sambahayan ni
Jacob, alinsunod sa mga prope-
siya at sa mga pangako ng
Panginoon. At sa gayon nagwa-
wakas ang talaan ni Amaron.

# Ang Aklat ni Mormon

## KABANATA 1

*Si Amaron ay nagtagubilin kay Mormon hinggil sa mga banal na talaan—Nagsimula ang digmaan sa pagitan ng mga Nephita at ng mga Lamanita—Ang Tatlong Nephita ay inialis—Namayani ang kasamaan, kawalang-paniniwala, mga panggagaway at pangkukulam. Mga* A.D. *321–326.*

1 AT ngayon ako, si [a]Mormon,
ay gumagawa ng [b]talaan ng
mga bagay na aking kapwa na-
kita at narinig, at tinawag itong
ang Aklat ni Mormon.
2 At sa panahong ikinubli ni
[a]Amaron ang mga talaan ayon
sa Panginoon, siya ay nagtu-
ngo sa akin, (ako na noon ay
mga sampung taong gulang
lamang, at ako ay nagsimu-
lang [b]matuto kahit paano alin-
sunod sa pamamaraan ng pag-
kakatuto ng aking mga tao) at
sinabi ni Amaron sa akin: Nahi-
hiwatigan ko na ikaw ay isang

44*a* 3 Ne. 28:9.
48*a* Hel. 3:13, 15–16.
49*a* Enos 1:13.
[MORMON]
**1** 1*a* GBK Mormon, Propetang Nephita.
*b* 3 Ne. 5:11–18.
2*a* 4 Ne. 1:47–49.
*b* Mos. 1:3–5.

batang mahinahon, at mabilis
magmasid;
3 Kaya nga, kapag ikaw ay
mga dalawampu at apat na ta-
ong gulang na ay nais kong
iyong alalahanin ang mga ba-
gay na iyong namasid hinggil
sa mga taong ito; at kung ikaw
ay nasa gayong gulang na ay
magtungo ka sa lupain ng An-
tum, sa burol na tatawaging
[a]Shim; at doon ay inilagak ko
ayon sa Panginoon ang lahat
ng banal na ukit hinggil sa mga
taong ito.
4 At masdan, iyong kukunin
ang mga [a]lamina ni Nephi sa
iyong sarili, at ang nalalabi ay
iiwanan mo sa pook kung saan
naroroon ang mga yaon; at
iyong iuukit sa mga lamina ni
Nephi ang lahat ng bagay na
iyong namasid hinggil sa mga
taong ito.
5 At ako, si Mormon, bilang
isang inapo ni [a]Nephi, (at ang
pangalan ng aking ama ay
Mormon) aking naalaala ang
mga bagay na iniutos sa akin
ni Amaron.
6 At ito ay nangyari na, na ako,
na labing-isang taong gulang, ay
dinala ng aking ama sa lupaing
patimog, maging sa lupain ng
Zarahemla.
7 Ang ibabaw ng buong lupain
ay napuno ng mga gusali, at ang
mga tao ay halos kasindami ng
bilang ng buhangin sa dagat.
8 At ito ay nangyari na, na sa
taong ito ay nagsimulang mag-
karoon ng isang digmaan sa
pagitan ng mga Nephita, na bi-
nubuo ng mga Nephita, at ng
mga Jacobeo at ng mga Josefita
at ng mga Zoramita; at ang dig-
maang ito ay sa pagitan ng mga
Nephita, at ng mga Lamanita
at ng mga Lemuelita at ng mga
Ismaelita.
9 Ngayon, ang mga Lamanita
at ang mga Lemuelita at ang
mga Ismaelita ay tinawag na
mga Lamanita, at ang dalawang
pangkat ay mga Nephita at
Lamanita.
10 At ito ay nangyari na, na
ang digmaan ay nagsimula
sa kanila sa mga hangganan ng
Zarahemla, sa may tubig ng
Sidon.
11 At ito ay nangyari na, na
ang mga Nephita ay nangalap
ng malaking bilang ng mga ta-
uhan, maging humigit pa sa bi-
lang na tatlumpung libo. At ito
ay nangyari na, na sila ay nag-
karoon sa taon ding ito ng ilang
digmaan, kung saan nagapi ng
mga Nephita ang mga Lama-
nita at napatay ang marami sa
kanila.
12 At ito ay nangyari na, na
iniurong ng mga Lamanita ang
kanilang balak, at nagkaroon
ng kapayapaan sa lupain; at ang
kapayapaan ay nanatili sa loob
ng may apat na taon, na walang
dumanak na dugo.
13 Ngunit ang kasamaan ay
namayani sa ibabaw ng buong
lupain, kung kaya't kinuha ng
Panginoon ang kanyang mga
[a]minamahal na disipulo, at ang

3*a* Eter 9:3.
4*a* S ni M 1:1, 11.
GBK Lamina, Mga.
5*a* 3 Ne. 5:12, 20.
13*a* 3 Ne. 28:2, 12.

mga paggawa ng himala at ng pagpapagaling ay natigil dahil sa kasamaan ng mga tao.

14 At walang mga [a]kaloob mula sa Panginoon, at ang [b]Espiritu Santo ay hindi sumakanino man, dahil sa kanilang kasamaan at [c]kawalang-paniniwala.

15 At ako, na labinlimang taong gulang at kahit paano ay may kahinahunan ng pag-iisip, anupa't ako ay dinalaw ng Panginoon, at nakatikim at nakaalam ng kabutihan ni Jesus.

16 At ako ay nagsikap na mangaral sa mga taong ito, ngunit ang aking bibig ay itinikom, at ako ay pinagbawalang mangaral sa kanila; sapagkat masdan, sila ay hayagang [a]naghimagsik laban sa kanilang Diyos; at ang mga minamahal na disipulo ay [b]inialis sa lupain, dahil sa kanilang kasamaan.

17 Ngunit ako ay namalagi sa kanila, ngunit ako ay pinagbawalang mangaral sa kanila, dahil sa katigasan ng kanilang mga puso; at dahil sa katigasan ng kanilang mga puso ang lupain ay [a]isinumpa dahil sa kanila.

18 At itong mga tulisan ni Gadianton na nasa mga Lamanita, ay namugad sa lupain, kung kaya nga't ang mga nananahanan doon ay nagsimulang itago sa lupa ang kanilang mga [a]kayamanan; at yaon ay naging madulas, dahil ang lupain ay isinumpa ng Panginoon, na hindi na nila mahawakan ang mga yaon, ni hindi na mapanatiling muli ang mga yaon.

19 At ito ay nangyari na, na nagkaroon ng mga manggagaway, at pangungulam, at salamangka; at ang kapangyarihan ng yaong masama ay nakapangyari sa ibabaw ng buong lupain, maging tungo sa katuparan ng lahat ng salita ni Abinadi, at gayon din ni Samuel, ang Lamanita.

## KABANATA 2

*Pinamunuan ni Mormon ang mga hukbo ng mga Nephita—Ang pagdadanak ng dugo't pagkakatay sa lupain ay lumaganap—Ang mga Nephita ay namighati at nagdalamhati ng kalungkutan ng mga isinumpa—Ang kanilang araw ng palugit ay nakalipas na—Nakuha ni Mormon ang mga lamina ni Nephi—Ang mga digmaan ay nagpatuloy. Mga A.D. 327–350.*

AT ito ay nangyari na, na sa taon ding yaon ay muling nagsimulang magkaroon ng digmaan sa pagitan ng mga Nephita at ng mga Lamanita. At sa kabila ng aking pagiging bata, ay malaki ang pangangatawan; anupa't ako ay hinirang ng mga tao ni Nephi na ako ang maging pinuno nila, o ang pinuno ng kanilang mga hukbo.

2 Kaya nga ito ay nangyari na, na sa aking ikalabing-anim na taon ako ay humayo sa unahan

14*a* Moro. 10:8–18, 24.
*b* GBK Espiritu Santo.
*c* GBK Kawalang-paniniwala.
16*a* GBK Paghihimagsik.
*b* Morm. 8:10.
17*a* 2 Ne. 1:7; Alma 45:10–14, 16.
18*a* Hel. 13:18–20; Eter 14:1–2.

ng hukbo ng mga Nephita, laban sa mga Lamanita; anupa't tatlong daan at dalawampu at anim na taon na ang nakalipas.
3 At ito ay nangyari na, na sa ikatatlong daan at dalawampu at pitong taon kami ay sinalakay ng mga Lamanita nang may labis na lakas, hanggang sa natakot nila ang aking mga hukbo; kaya nga tumanggi silang lumaban, at nagsimula silang magsiurong patungo sa hilagang bayan.
4 At ito ay nangyari na, na kami ay nakarating sa lunsod ng Angola, at inangkin namin ang lunsod, at gumawa ng mga paghahanda upang maipagtanggol ang aming sarili laban sa mga Lamanita. At ito ay nangyari na, na pinatibay namin ang lunsod nang aming buong lakas; subalit sa kabila ng lahat ng aming pagpapatibay kami ay nasalakay pa rin ng mga Lamanita at naitaboy kami palabas ng lunsod na yaon.
5 At naitaboy rin nila kami palabas ng lupain ng David.
6 At humayo kami at nakarating sa lupain ng Josue, na nasa mga hangganang kanluran sa may dalampasigan.
7 At ito ay nangyari na, na mabilis naming tinipon ang aming mga tao hangga't maaari, upang matipon namin sila sa iisang pangkat.
8 Subalit masdan, ang lupain ay puno ng mga tulisan at ng mga Lamanita; at sa kabila ng malaking pagkalipol na nakaantabay sa aking mga tao, hindi sila nagsisi sa kanilang masasamang gawain; anupa't ang pagdadanak ng dugo't pagkakatay ay lumaganap sa ibabaw ng buong lupain, kapwa sa panig ng mga Nephita at sa panig din ng mga Lamanita; at ito ay isang buong pag-uulit-ulit sa ibabaw ng buong lupain.
9 At ngayon, may hari ang mga Lamanita, at ang kanyang pangalan ay Aaron; at sinalakay niya kami ng isang hukbo ng apatnapu at apat na libo. At masdan, hinarap ko siya ng apatnapu at dalawang libo. At ito ay nangyari na, na nagapi ko siya ng aking hukbo kung kaya't siya ay tumakas sa aking harapan. At masdan, naganap ang lahat ng ito, at ang tatlong daan at tatlumpung taon ay lumipas.
10 At ito ay nangyari na, na ang mga Nephita ay nagsimulang magsisi ng kanilang kasamaan, at nagsimulang sumigaw maging tulad ng ipinopropesiya ni Samuel, ang propeta; sapagkat masdan walang sinuman ang nakapagpapanatili ng kanyang sariling pag-aari, dahil sa mga magnanakaw, at ang mga tulisan, at ang mga mamamatay-tao, at ang pagsasalamangka, at ang pambabarang na nasa lupain.
11 Sa gayon nagsimulang magkaroon ng pagdadalamhati at pananaghoy sa buong lupain dahil sa mga bagay na ito, at lalung-lalo na sa mga tao ni Nephi.
12 At ito ay nangyari na, nang

ako, si Mormon, ay nakita ang
kanilang pamimighati at kani-
lang pananaghoy at kanilang
kalungkutan sa harapan ng Pa-
nginoon, nagsimulang magalak
ang aking puso, nalalaman ang
mga awa at ang mahabang pag-
titiis ng Panginoon, kaya nga
nag-aakala na magiging maa-
wain siya sa kanila na sila ay
muling maging mabubuting tao.
13 Subalit masdan itong aking
kagalakan ay walang saysay, sa-
pagkat ang kanilang [a]kalung-
kutan ay hindi tungo sa pag-
sisisi, dahil sa kabutihan ng
Diyos; kundi ito ang kalungku-
tan ng mga [b]isinumpa, dahil sa
hindi sila laging pahihintulu-
tan ng Panginoon na [c]lumigaya
sa kasalanan.
14 At hindi sila lumapit kay
Jesus nang may bagbag na
[a]puso at nagsisising espiritu,
kundi [b]isinusumpa nila ang
Diyos, at naghahangad na ma-
matay. Gayon pa man ipinang-
hamok nila ang espada para sa
kanilang mga buhay.
15 At ito ay nangyari na, na
ang aking kalungkutan ay mu-
ling bumalik sa akin, at nakita
ko na ang [a]araw ng [b]palugit [c]ay
lumipas na sa kanila, kapwa
pangtemporal at pang-espiritu-
wal; sapagkat nakita ko na libu-
libo sa kanila ang napatay sa ha-
yagang paghihimagsik laban sa
kanilang Diyos, at ibinunton tu-
lad ng pataba sa lupa sa ibabaw
ng lupain. At sa gayon lumipas
ang tatlong daan at apatnapu
at apat na taon.
16 At ito ay nangyari na, na sa
ikatatlong daan at apatnapu at
limang taon ang mga Nephita
ay nagsimulang magsitakas sa
harapan ng mga Lamanita; at
sila ay tinugis hanggang sa ma-
karating sila maging sa lupain
ng Jashon, bago pa man naga-
wang pigilin sila sa kanilang
pag-urong.
17 At ngayon, ang lunsod ng
Jashon ay malapit sa [a]lupain
kung saan inilagak ni Amaron
ang mga talaan ayon sa Pa-
nginoon, upang hindi mawasak
ang mga ito. At masdan, ako ay
humayo alinsunod sa salita ni
Amaron, at kinuha ang mga la-
mina ni Nephi, at gumawa ng
isang talaan alinsunod sa mga
salita ni Amaron.
18 At sa mga lamina ni Nephi,
ako ay gumawa ng buong ulat
tungkol sa lahat ng kasamaan
at karumal-dumal na gawain;
subalit sa mga [a]laminang ito ay
nagpigil akong gumawa ng bu-
ong ulat ng kanilang kasamaan
at mga karumal-dumal na ga-
wain, sapagkat masdan, isang
patuloy na tagpo ng kasamaan
at mga karumal-dumal na ga-
wain ang nakatambad sa hara-
pan ng aking mga mata simula
pa noong magkaroon ako ng sa-
pat na pang-unawa upang ma-
masdan ang mga gawi ng tao.

**2** 13*a* 2 Cor. 7:10;
Alma 42:29.
*b* GBK Kapahamakan.
*c* Alma 41:10.
14*a* GBK Bagbag na Puso.
*b* GBK Lapastangan,
Kalapastanganan.
15*a* Hel. 13:38.
*b* GBK Biyaya.
*c* Jer. 8:20;
D at T 56:16.
17*a* Morm. 1:1–4.
18*a* GBK Lamina, Mga.

19 At sa aba sa akin dahil sa kanilang kasamaan; sapagkat ang aking puso ay napuspos ng kalungkutan dahil sa kanilang kasamaan, sa lahat ng araw ko; gayon pa man, nalalaman kong ako'y [a]dadakilain sa huling araw.
20 At ito ay nangyari na, na sa taong ito ang mga tao ni Nephi ay muling tinugis at itinaboy. At ito ay nangyari na, na kami ay naitaboy hanggang sa makarating kami pahilaga sa lupaing tinatawag na Sem.
21 At ito ay nangyari na, na pinatibay namin ang lunsod ng Sem, at tinipon namin ang aming mga tao hangga't maaari, na baka sakaling mailigtas namin sila mula sa pagkalipol.
22 At ito ay nangyari na, na sa ikatatlong daan at apatnapu at anim na taon sila ay muling nagsimulang sumalakay sa amin.
23 At ito ay nangyari na, na ako ay nangusap sa aking mga tao, at hinikayat sila nang buong lakas, na buong tapang silang tumindig sa harapan ng mga Lamanita at [a]makipaglaban para sa kanilang mga asawa, at kanilang mga anak, at kanilang mga bahay at kanilang mga tahanan.
24 At ang aking mga salita ay bahagyang napukaw sila na lumakas, kung kaya nga't hindi sila nagsitakas mula sa harapan ng mga Lamanita, kundi lumaban nang buong tapang laban sa kanila.
25 At ito ay nangyari na, na kami ay nakipaglaban sa isang hukbo ng tatlumpung libo laban sa isang hukbo ng limampung libo. At ito ay nangyari na, na kami ay tumindig sa kanilang harapan nang buong katatagan kung kaya't nagsitakas sila mula sa aming harapan.
26 At ito ay nangyari na, nang sila ay magsitakas tinugis namin sila ng aming mga hukbo, at muli silang hinarap, at nagapi sila; gayon pa man ang lakas ng Panginoon ay wala sa amin; oo, kami ay naiwan sa aming sarili, na ang Espiritu ng Panginoon ay hindi nanatili sa amin; anupa't naging mahihina kami na katulad ng aming mga kapatid.
27 At ang aking puso ay nalungkot dahil dito sa malaking kapahamakan ng aking mga tao, dahil sa kanilang kasamaan at kanilang mga karumal-dumal na gawain. Subalit masdan, kami ay humayo laban sa mga Lamanita at sa mga tulisan ni Gadianton, hanggang sa muli naming naangkin ang mga lupaing aming mana.
28 At ang tatlong daan at apatnapu at siyam na taon ay lumipas. At sa ikatatlong daan at limampung taon kami ay nakipagkasunduan sa mga Lamanita at sa mga tulisan ni Gadianton, kung saan ay hinati-hati namin ang mga lupaing aming mana.
29 At ibinigay sa amin ng mga Lamanita ang lupaing pahilaga, oo, maging hanggang sa

19*a* Mos. 23:22; Eter 4:19. 23*a* Mos. 20:11; Alma 43:45.

[a]makitid na daan patungo sa lupaing patimog. At ibinigay namin sa mga Lamanita ang lahat ng lupaing patimog.

## KABANATA 3

*Si Mormon ay nangaral ng pagsisisi sa mga Nephita—Sila ay nagtamo ng malaking tagumpay at nagmapuri sa kanilang sariling lakas—Si Mormon ay tumanggging pamunuan sila, at ang kanyang mga panalangin para sa kanila ay walang pananampalataya—Inaanyayahan ng Aklat ni Mormon ang labindalawang lipi ni Israel na maniwala sa ebanghelyo. Mga A.D. 360–362.*

AT ito ay nangyari na, na ang mga Lamanita ay hindi na muling nakidigma hanggang sa lumipas pa ang sampung taon. At masdan, pinagawa ko ang aking mga tao, ang mga Nephita, sa paghahanda ng kanilang mga lupain at kanilang mga sandata laban sa panahon ng digmaan.
2 At ito ay nangyari na, na sinabi ng Panginoon sa akin: Mangaral sa mga taong ito—Magsisi kayo, at lumapit sa akin, at magpabinyag kayo, at muling itatag ang aking simbahan, at kayo ay maliligtas.
3 At ako ay nangaral sa mga taong ito, subalit ito'y nawalang-kabuluhan; at hindi nila naunawaan na ang Panginoon ang siyang nagligtas sa kanila, at nagkaloob sa kanila ng pagkakataon na makapagsisi. At masdan, pinatigas nila ang kanilang mga puso laban sa Panginoon nilang Diyos.
4 At ito ay nangyari na, na matapos lumipas ang ikasampung taong ito, na bumubuo ng tatlong daan at animnapung taon mula nang pumarito si Cristo, na ang hari ng mga Lamanita ay nagpadala sa akin ng isang liham, na ipinaaalam sa akin na sila ay naghahanda upang muling makidigma laban sa amin.
5 At ito ay nangyari na, na pinapangyari kong sama-samang tipunin ng aking mga tao ang kanilang sarili sa lupaing Kapanglawan, sa lunsod na nasa mga hangganan, sa may makitid na daan patungo sa lupaing patimog.
6 At doon ay inilagay namin ang aming mga hukbo, upang mapigilan namin ang mga hukbo ng mga Lamanita, upang hindi nila maangkin ang alinman sa aming mga lupain; anupa't nagpatibay kami laban sa kanila nang aming buong lakas.
7 At ito ay nangyari na, na sa ikatatlong daan at animnapu at isang taon ang mga Lamanita ay sumalakay sa lunsod ng Kapanglawan upang makidigma laban sa amin; at ito ay nangyari na, na sa taong yaon sila ay nagapi namin, kung kaya nga't sila ay muling nagsibalik sa kanilang sariling mga lupain.
8 At sa ikatatlong daan at animnapu at dalawang taon sila ay muling sumalakay upang makidigma. At muli namin silang nagapi, at napatay ang malaking bilang nila, at ang kani-

29*a* Alma 22:32.

lang mga patay ay itinapon sa
dagat.
9 At ngayon, dahil sa mala-
king bagay na ito na nagawa ng
aking mga tao, ang mga Nephi-
ta, sila ay nagsimulang [a]mag-
malaki sa kanilang sariling la-
kas, at nagsimulang manumpa
sa harapan ng kalangitan na
ipaghihiganti nila ang kanilang
sarili sa dugo ng kanilang mga
kapatid na napatay ng kanilang
mga kaaway.
10 At sila ay nanumpa sa kala-
ngitan, at gayon din sa trono
ng Diyos, na sila ay [a]aahon sa
pakikidigma laban sa kanilang
mga kaaway, at lilipulin sila
mula sa ibabaw ng lupain.
11 At ito ay nangyari na, na ako,
si Mormon, ay lubusan nang tu-
manggi simula noon na maging
komandante at isang pinuno ng
mga taong ito, dahil sa kanilang
kasamaan at mga karumal-du-
mal na gawain.
12 Masdan, sila ay pinamunu-
an ko, sa kabila ng kanilang ka-
samaan sila ay pinamunuan ko
nang maraming ulit sa pakiki-
digma, at minahal sila, alinsu-
nod sa [a]pagmamahal ng Diyos
na nasa akin, nang buong puso
ko; at ang aking kaluluwa ay
ibinuhos sa panalangin sa aking
Diyos nang buong magdamag
para sa kanila; gayon pa man,
ito'y [b]walang pananampalataya,
dahil sa katigasan ng kanilang
mga puso.
13 At tatlong ulit ko silang ini-
ligtas mula sa mga kamay ng
kanilang mga kaaway, at hin-
di sila nagsipagsisi ng kanilang
mga kasalanan.
14 At nang sila ay makapa-
numpa ng lahat ng [a]ipinagba-
bawal sa kanila ng ating Pa-
nginoon at Tagapagligtas na
si Jesucristo, na sila ay aahon
upang makidigma sa kanilang
mga kaaway, at ipaghihiganti
ang kanilang sarili sa dugo ng
kanilang mga kapatid, masdan
ang tinig ng Panginoon ay na-
ngusap sa akin, sinasabing:
15 Sa akin ang [a]paghihiganti,
at ako ang [b]gaganti; at sapagkat
hindi nagsisi ang mga taong ito
matapos ko silang iligtas, mas-
dan, sila'y malilipol mula sa ba-
lat ng lupa.
16 At ito ay nangyari na, na
ako ay lubusan nang tumang-
ging humayo laban sa aking
mga kaaway; at ginawa ko ma-
ging ang ipinag-utos sa akin ng
Panginoon; at ako ay tumindig
bilang isang piping saksi upang
patunayan sa sanlibutan ang
mga bagay na aking nakita at
narinig, alinsunod sa pagpa-
patunay ng Espiritu na siyang
nagpatotoo sa mga bagay na
darating.
17 Kaya nga, ako ay sumu-
sulat [a]sa inyo, mga Gentil, at
gayon din sa inyo, sambahayan
ni Israel, kapag ang gawain ay
nagsimula na, na kayo'y mala-
pit nang ihanda na magbalik sa
lupaing inyong mana;

**3** 9*a* 2 Ne. 4:34.
10*a* 3 Ne. 3:20–21;
Morm. 4:4.
12*a* GBK Pagmamahal.
*b* Morm. 5:2.
14*a* 3 Ne. 12:34–37.
15*a* GBK Paghihiganti.
*b* D at T 82:23.
17*a* 2 Ne. 30:3–8;
3 Ne. 29:1.

18 Oo, masdan, ako ay sumu-
sulat sa lahat ng nasa mga dulo
ng mundo; oo, sa inyo, labinda-
lawang lipi ni Israel, na [a]haha-
tulan alinsunod sa inyong mga
gawa ng labindalawang pinili
ni Jesus na maging mga disipu-
lo niya sa lupain ng Jerusalem.
19 At ako ay sumusulat din sa
labi ng mga taong ito, na haha-
tulan din ng [a]labindalawang
pinili ni Jesus sa lupaing ito; at
sila'y hahatulan din ng iba pang
labindalawang pinili ni Jesus sa
lupain ng Jerusalem.
20 At ang mga bagay na ito
ang pinahahayag ng Espiritu
sa akin; kaya nga, ako ay sumu-
sulat sa inyong lahat. At sa ka-
dahilanang ito ko kayo sinusu-
latan, upang malaman ninyo na
kinakailangan kayong tumindig
na lahat sa harapan ng [a]huku-
mang-luklukan ni Cristo, oo, ba-
wat tao na nabibilang sa buong
[b]mag-anak ni Adan; at kinaka-
ilangan kayong tumindig upang
mahatulan sa inyong mga gawa,
maging sila ma'y mabuti o ma-
sama;
21 At gayon din upang kayo
ay [a]maniwala sa ebanghelyo ni
Jesucristo, na matatanggap nin-
yo sa inyo; at gayon din upang
ang mga [b]Judio, na mga pinag-
tipanang tao ng Panginoon, ay
magkaroon ng iba pang [c]saksi
maliban sa kanya na kanilang
nakita at narinig, na si Jesus, na
kanilang pinatay, ang [d]siya ring
Cristo at ang siya ring Diyos.
22 At nais ko na mahikayat
ko kayong [a]lahat ng nasa mga
dulo ng mundo na magsisi at
maghandang tumindig sa ha-
rapan ng hukumang-luklukan
ni Cristo.

## KABANATA 4

*Ang digmaan at pagkatay ay nagpatuloy—Pinarurusahan ng masasama ang masasama—Higit na kasamaan ang namayani nang higit pa kaysa noon sa buong Israel—Ang mga babae at bata ay inialay sa mga diyus-diyusan—Nagsimulang ubusin ng mga Lamanita ang mga Nephita. Mga* A.D. *363–375.*

AT ngayon ito ay nangyari
na, na sa ikatatlong daan at
animnapu at tatlong taon, ang
hukbo ng mga Nephita ay uma-
hon upang makidigma sa mga
Lamanita, sa labas ng lupain ng
Kapanglawan.
2 At ito ay nangyari na, na ang
hukbo ng mga Nephita ay mu-
ling naitaboy pabalik sa lupain
ng Kapanglawan. At habang sila
ay pagod pa, isang bagong huk-
bo ng mga Lamanita ang suma-
lakay sa kanila; at nagkaroon
sila ng masidhing labanan, kung
kaya nga't nasakop ng mga
Lamanita ang lunsod ng Ka-
panglawan, at napatay ang ma-
rami sa mga Nephita, at marami
ang mga nadalang bihag.
3 At ang mga nalabi ay tuma-

18*a* Mat. 19:28; Lu. 22:29–30; D at T 29:12.
19*a* 1 Ne. 12:9–10.
20*a* GBK Paghuhukom, Ang Huling.
*b* D at T 27:11.
21*a* D at T 3:20.
*b* GBK Judio, Mga.
*c* 2 Ne. 25:18.
*d* 2 Ne. 26:12; Mos. 7:27.
22*a* Alma 29:1.

kas at sumama sa mga nanana-
hanan sa lunsod ng Tiankum.
Ngayon, ang lunsod ng Tian-
kum ay nasa mga hangganan
sa may dalampasigan; at iyon
ay malapit din sa lunsod ng Ka-
panglawan.
4 At [a]dahil ang mga hukbo ng
mga Nephita ang humayo sa
mga Lamanita kung kaya't sila
ay nagsimulang parusahan; sa-
pagkat kung hindi dahil doon,
hindi sana magkakaroon ng ka-
pangyarihan ang mga Lamanita
sa kanila.
5 Ngunit masdan, ang mga
kahatulan ng Diyos ay aabot sa
masasama; at sa pamamagitan
ng masasama na ang masasa-
ma ay [a]pinarurusahan; sapag-
kat yaong masasama ang pu-
mupukaw sa mga puso ng mga
anak ng tao sa pagpapadanak
ng dugo.
6 At ito ay nangyari na, na ang
mga Lamanita ay nagsagawa
ng mga paghahanda sa pagsa-
lakay laban sa lunsod ng Tian-
kum.
7 At ito ay nangyari na, na sa
ikatatlong daan at animnapu at
apat na taon, ang mga Lamanita
ay sumalakay laban sa lunsod
ng Tiankum, upang kanila ring
masakop ang lunsod ng Tian-
kum.
8 At ito ay nangyari na, na sila
ay napaurong at naitaboy pa-
balik ng mga Nephita. At nang
makita ng mga Nephita na ka-
nilang naitaboy ang mga Lama-
nita, sila ay muling nagmalaki
sa kanilang sariling lakas; at sila
ay sumalakay sa kanilang sari-
ling lakas, at muling nabawi nila
ang lunsod ng Kapanglawan.
9 At ngayon, ang lahat ng
bagay na ito ay nangyari, at
mayroon ng libu-libong napa-
tay sa magkabilang panig,
kapwa sa mga Nephita at sa
mga Lamanita.
10 At ito ay nangyari na, na
ang ikatatlong daan at anim-
napu at anim na taon ay lumi-
pas, at muling sumalakay ang
mga Lamanita sa mga Nephita
upang makidigma; gayon man
ang mga Nephita ay hindi nag-
sipagsisi sa kasamaang kanilang
nagawa, kundi patuloy na nag-
pumilit sa kanilang kasamaan.
11 At hindi maaaring mailara-
wan ng dila, o maisulat ng isang
tao ang ganap na larawan ng
kasindak-sindak na tanawin ng
dugo at pagkatay na nasa mga
tao, kapwa sa mga Nephita at
sa mga Lamanita; at ang bawat
puso ay tumigas, kung kaya't
sila ay patuloy na nalugod sa
pagpapadanak ng dugo.
12 At hindi kailanman nagka-
roon ng gayon kalaking [a]kasa-
maan sa lahat ng anak ni Lehi,
ni maging sa buong sambaha-
yan ni Israel, ayon sa mga sali-
ta ng Panginoon, na katulad ng
nasa mga taong ito.
13 At ito ay nangyari na, na
nakuha ng mga Lamanita ang
lunsod ng Kapanglawan, at ito
ay dahil sa ang kanilang [a]bi-
lang ay higit pa sa bilang ng
mga Nephita.
14 At sila rin ay sumalakay

**4** 4*a* Morm. 3:10.
5*a* D at T 63:33.
12*a* Gen. 6:5; 3 Ne. 9:9.
13*a* Morm. 5:6.

laban sa lunsod ng Tiankum, at itinaboy palabas ang mga nananahanan doon, at maraming dinalang bihag na kapwa mga babae at bata, at inialay sila bilang mga hain sa kanilang mga [a]diyus-diyusan.
15 At ito ay nangyari na, na sa ikatatlong daan at animnapu at pitong taon, ang mga Nephita na nagagalit sapagkat ang mga Lamanita ay inialay ang kanilang kababaihan at ang kanilang mga anak, kung kaya't sila ay sumalakay laban sa mga Lamanita sa matinding galit, hanggang sa muli nilang nagapi ang mga Lamanita, at naitaboy silang palabas ng kanilang mga lupain.
16 At ang mga Lamanita ay hindi na muling sumalakay pa sa mga Nephita hanggang sa ikatatlong daan at pitumpu at limang taon.
17 At sa taong ito, sila ay muling sumalakay sa mga Nephita nang buo nilang lakas, at hindi sila mabilang dahil sa kalakihan ng kanilang bilang.
18 At [a]magmula sa panahong ito, ang mga Nephita ay hindi na nagkaroon pa ng kapangyarihan laban sa mga Lamanita, kundi nagsimulang mapalis nila maging katulad ng hamog sa harapan ng araw.
19 At ito ay nangyari na, na ang mga Lamanita ay sumalakay sa lunsod ng Kapanglawan; at nagkaroon ng lubhang masidhing labanan sa lupain ng Kapanglawan; kung saan kanilang nagapi ang mga Nephita.
20 At muli silang tumakas mula sa kanilang harapan, at sila ay nakarating sa lunsod ng Boaz; at doon sila humarap nang buong katapangan laban sa mga Lamanita, kung kaya't hindi sila nagapi ng mga Lamanita hanggang sa muli silang sumalakay sa ikalawang pagkakataon.
21 At nang sila ay sumalakay sa ikalawang pagkakataon, ang mga Nephita ay naitaboy at napatay sa isang lubhang malupit na pagkatay; ang kanilang kababaihan at kanilang mga anak ay muling inialay sa mga diyus-diyusan.
22 At ito ay nangyari na, na ang mga Nephita ay muling tumakas mula sa kanilang harapan, kasama ang lahat ng nananahanan, kapwa sa mga bayan at nayon.
23 At ngayon ako, si Mormon, nakikitang malapit nang maibagsak ng mga Lamanita ang lupain, kaya nga, ako ay nagtungo sa burol ng [a]Shim, at kinuha ang lahat ng talaang ikinubli ni Amaron ayon sa Panginoon.

## KABANATA 5

*Muling pinamunuan ni Mormon ang mga hukbong Nephita sa digmaan ng dugo at pagkatay—Ang Aklat ni Mormon ay lalabas upang mapaniwala ang buong Israel na si Jesus ang Cristo—Dahil sa kanilang kawalang-paniniwala, ang*

14*a* GBK Pagsamba sa Diyus-diyusan.
18*a* Morm. 3:3.
23*a* Morm. 1:3.

*mga Lamanita ay makakalat, at ang Espiritu ay titigil nang mamalagi sa kanila—Matatanggap nila ang ebanghelyo mula sa mga Gentil sa mga huling araw. Mga A.D. 375–384.*

At ito ay nangyari na, na ako
ay humayo sa mga Nephita, at
nagsisi sa [a]sumpang ginawa ko
na hindi ko na sila muli pang
tutulungan; at muli nilang ibi-
nigay sa akin ang pamumuno
sa kanilang mga hukbo, sapag-
kat tinitingala nila ako na tila
bagang maililigtas ko sila mula
sa kanilang mga paghihirap.
2 Subalit masdan, ako'y [a]wa-
lang pag-asa, sapagkat alam ko
ang mga kahatulan ng Pangino-
on na sasapit sa kanila; sapagkat
hindi sila nagsisi ng kanilang
mga kasamaan, kundi nakiki-
paglaban para sa kanilang mga
buhay nang hindi tumatawag
sa yaong Lumikha na lumalang
sa kanila.
3 At ito ay nangyari na, na ang
mga Lamanita ay sumalakay sa
amin samantalang kami ay nag-
sisitakas patungo sa lunsod ng
Jordan; subalit masdan, sila ay
naitaboy pabalik kung kaya't
hindi nila nakuha ang lunsod
sa panahong yaon.
4 At ito ay nangyari na, na sila
ay muling sumalakay sa amin,
at napanatili namin ang lunsod.
At may iba pang mga lunsod
na napanatili ng mga Nephita,
kung aling mga muog ang si-
yang pumigil sa kanila kung ka-
ya't hindi sila makapasok sa ba-
yan na nasa aming harapan,
upang lipulin ang mga nanini-
rahan sa aming lupain.
5 Subalit ito ay nangyari na,
na kung saan mang lupain kami
dumaan at hindi sama-samang
natipon ang mga naninirahan
doon, ay nalipol ng mga Lama-
nita, at ang kanilang mga ba-
yan, at kanilang mga nayon, at
mga lunsod ay sinunog ng apoy;
at sa gayon lumipas ang tat-
long daan at pitumpu at siyam
na taon.
6 At ito ay nangyari na, na sa
ikatatlong daan at walumpung
taon ang mga Lamanita ay mu-
ling sumalakay laban sa amin
sa pakikidigma, at kami ay hu-
marap sa kanila nang buong ta-
pang; subalit lahat ay nawalang-
saysay, sapagkat napakalaki ng
kanilang bilang kung kaya't ni-
yurakan nila ang mga tao ng
mga Nephita sa ilalim ng kani-
lang mga paa.
7 At ito ay nangyari na, na
kami ay muling nagsitakas, at
yaong ang mga pagtakas ay hi-
git na mabilis kaysa sa mga
Lamanita ay nakatakas, at ya-
ong ang mga pagtakas ay hindi
nakahigit sa mga Lamanita ay
napalis at nalipol.
8 At ngayon masdan, ako, si
Mormon, ay hindi nagnanais na
saktan ang mga kaluluwa ng tao
sa pamamagitan ng paglalahad
sa kanila ng mga gayong kakila-
kilabot na tagpo ng dugo at pag-
katay katulad ng nakahantad
sa harapan ng aking mga mata;
kundi ako, nalalaman na ang

**5** 1*a* Morm. 3:11. 2*a* Morm. 3:12.

mga bagay na ito ay tiyak na
ipaaalam, at na yaong mga ba-
gay na natatago ay [a]ihahayag
sa mga bubungan—
9 At kinakailangan ding [a]maka-
rating ang kaalaman ng mga ba-
gay na ito sa labi ng mga taong
ito, at gayon din sa mga Gentil,
na siyang sinabi ng Panginoon
na [b]magkakalat sa mga taong
ito, at ang mga taong ito ay itu-
turing na walang kabuluhan sa
kanila—kaya nga, ako ay sumu-
sulat ng isang [c]maikling buod,
hindi mangangahas na magbi-
gay ng buong ulat ng mga ba-
gay na nakita ko, dahil sa kautu-
sang natanggap ko, at gayon din
upang hindi kayo labis na ma-
lungkot dahil sa kasamaan ng
mga taong ito.
10 At ngayon masdan, ito ay
sinasabi ko sa kanilang mga bin-
hi, at gayon din sa mga Gentil
na siyang kakalinga sa samba-
hayan ni Israel, na nakauunawa
at nakaaalam kung saan nagmu-
la ang kanilang mga pagpapala.
11 Sapagkat nalalaman ko na
ang gayon ay malulungkot dahil
sa naging pagkawasak ng sam-
bahayan ni Israel; oo, sila ay ma-
lulungkot dahil sa pagkalipol ng
mga taong ito; sila ay malulung-
kot sapagkat hindi nagsisi ang
mga taong ito nang sa gayon sa-
na'y niyakap sila ng mga bisig
ni Jesus.
12 Ngayon, [a]ang mga bagay
na ito ay isinulat para sa [b]labi
ng sambahayan ni Jacob; at na-
susulat ang mga ito alinsunod
sa ganitong pamamaraan, sa-
pagkat nalalaman ng Diyos na
ang mga ito ay hindi makarara-
ting sa kanila sa kasamaan; at
[c]ikukubli ang mga ito ayon sa
Panginoon upang lumabas ang
mga ito sa kanyang sariling tak-
dang panahon.
13 At ito ang kautusang na-
tanggap ko; at masdan, lalabas
ang mga ito alinsunod sa ka-
utusan ng Panginoon, kung ka-
ilan niya mamarapatin, sa kan-
yang karunungan.
14 At masdan, ang mga ito ay
hahayo sa kawalang-paniniwala
ng mga [a]Judio; at sa layuning ito
kung kaya't hahayo ang mga ito
—upang [b]mapaniwala sila na si
Jesus ang Cristo, ang Anak ng
buhay na Diyos; upang maisa-
gawa ng Ama, sa pamamagitan
ng kanyang Pinakamamahal,
ang kanyang dakila at walang
hanggang layunin, sa pagpa-
panumbalik sa mga Judio, o ng
buong sambahayan ni Israel, sa
lupaing kanilang mana, na ibi-
nigay sa kanila ng Panginoon
nilang Diyos, tungo sa katupa-
ran ng kanyang [c]tipan;
15 At gayon din upang ang
mga binhi ng mga taong [a]ito ay
lubusang maniwala sa kanyang

8*a* Lu. 12:2–3;
2 Ne. 27:11;
D at T 1:3.
9*a* 4 Ne. 1:49.
*b* 3 Ne. 16:8.
*c* Morm. 1:1.
12*a* Enos 1:16;
Hel. 15:11–13.
GBK Aklat ni
Mormon.
*b* D at T 3:16–20.
*c* Morm. 8:4, 13–14;
Moro. 10:1–2.
14*a* 2 Ne. 29:13; 30:7–8.
GBK Judio, Mga.
*b* 2 Ne. 25:16–17.
*c* 3 Ne. 29:1–3.
15*a* 3 Ne. 21:3–7, 24–26.

ebanghelyo, na [b]hahayo sa kani-
la mula sa mga Gentil; sapagkat
ang mga taong ito ay [c]makaka-
lat, at [d]magiging maiitim, ma-
rurumi, at mga nakaririmarim
na tao, na di kayang isalarawan
na kailanma'y nagkaroon na sa
atin, oo, maging sa mga Lama-
nita, at ito ay dahil sa kanilang
kawalang-paniniwala at pag-
samba sa mga diyus-diyusan.
16 Sapagkat masdan, ang Es-
piritu ng Panginoon ay tumi-
gil nang [a]mamalagi sa kanilang
mga ama; at sila'y walang Cristo
at Diyos sa daigdig; at sila ay iti-
nataboy tulad ng [b]ipa sa hangin.
17 Minsan silang naging mga
kaaya-ayang tao, at tinanggap
nila si Cristo na kanilang [a]pas-
tol; oo, sila ay pinamunuan ma-
ging ng Diyos Ama.
18 Subalit ngayon, masdan,
sila ay [a]inakay ni Satanas, ma-
ging tulad ng ipang itinataboy
ng hangin, o tulad ng isang sa-
sakyang-dagat na hinahampas
ng mga alon, nang walang layag
o angkla, o walang anumang ba-
gay kung paano ito pakikilusin;
at maging tulad nito, sila ay ga-
yon din.
19 At masdan, inilaan ng Pa-
nginoon ang kanilang mga pag-
papala na natanggap sana nila
sa lupain, para sa mga [a]Gentil
na mag-aangkin ng lupain.
20 Subalit masdan, ito ay
mangyayari na sila'y itataboy at
ikakalat ng mga Gentil; at ma-
tapos silang itaboy at ikalat ng
mga Gentil, masdan, pagkata-
pos ay [a]maaalaala ng Panginoon
ang [b]tipang kanyang ginawa
kay Abraham at sa buong sam-
bahayan ni Israel.
21 At maaalaala rin ng Pa-
nginoon ang mga [a]panalangin
ng mabubuti, na isinamo sa kan-
ya para sa kanila.
22 At pagkatapos, O kayong
mga Gentil, paano kayo ma-
katitindig sa harapan ng ka-
pangyarihan ng Diyos, maliban
kung kayo'y magsisisi at tatali-
kuran ang inyong masasamang
gawain?
23 Hindi ba ninyo nalalaman
na kayo ay nasa mga kamay ng
Diyos? Hindi ba ninyo nala-
laman na taglay niya ang la-
hat ng kapangyarihan, at sa
kanyang dakilang [a]pag-uutos
ang mundo ay [b]mababalumbon
tulad ng isang nakalulon na
papel?
24 Kaya nga, magsisi kayo, at
magpakumbaba ng inyong sarili
sa kanyang harapan, kundi ay
ipapataw niya ang katarungan
laban sa inyo—na baka isang
labi ng mga binhi ni Jacob ang
magtungo sa inyo tulad ng
isang [a]leon, at lurayin kayong
pira-piraso, at walang sinumang
maliligtas.

15*b* 1 Ne. 13:20–29, 38; Morm. 7:8–9.
*c* 1 Ne. 10:12–14; 3 Ne. 16:8.
*d* 2 Ne. 26:33.
16*a* Gen. 6:3; Eter 2:15.
*b* Awit 1:4.
17*a* GBK Mabuting Pastol.
18*a* 2 Ne. 28:21.
19*a* 3 Ne. 20:27–28.
20*a* 3 Ne. 16:8–12.
*b* GBK Tipang Abraham.
21*a* Enos 1:12–18; Morm. 9:36–37.
23*a* Hel. 12:8–17.
*b* 3 Ne. 26:3.
24*a* Mi. 5:8; 3 Ne. 20:15–16.

## KABANATA 6

*Ang mga Nephita ay nagtipun-tipon sa lupain ng Cumorah para sa mga huling labanan—Itinago ni Mormon ang mga banal na tala-an sa burol Cumorah—Ang mga Lamanita ay nagwagi, at ang bayan ng Nephita ay nawasak—Daan-daang libo ang nangamatay sa es-pada. Mga A.D. 385.*

AT ngayon, tatapusin ko ang
aking talaan hinggil sa [a]pagka-
lipol ng aking mga tao, ang mga
Nephita. At ito ay nangyari na,
na kami ay humayo sa harapan
ng mga Lamanita.
2 At ako, si Mormon, ay su-
mulat ng liham sa hari ng mga
Lamanita, at hiniling sa kanya
na kanyang ipagkaloob sa amin
na kung maaari ay matipong
magkakasama ang aming mga
tao sa [a]lupain ng Cumorah, sa
burol na tinatawag na Cumorah,
at doon kami makikipagdigma
sa kanila.
3 At ito ay nangyari na, na
ipinagkaloob sa akin ng hari
ng mga Lamanita ang bagay na
aking hiniling.
4 At ito ay nangyari na, na
kami ay humayo sa lupain ng
Cumorah, at itinayo namin ang
aming mga tolda sa paligid ng
burol ng Cumorah; at iyon ay
sa isang lupain ng maraming
tubig, mga ilog, at bukal; at
dito kami ay umasang magka-
karoon ng kalamangan sa mga
Lamanita.
5 At nang ang tatlong daan at
walumpu at apat na taon ay
makalipas, natipon naming la-
hat ang nalabi sa aming mga
tao sa lupain ng Cumorah.
6 At ito ay nangyari na, nang
matipon naming sama-sama
ang lahat ng aming mga tao
sa lupain ng Cumorah, mas-
dan, ako, si Mormon, ay nag-
simulang tumanda; at nala-
laman na ito ang huling pa-
kikipaglaban ng aking mga
tao, at napag-utusan ng Pa-
nginoon na huwag kong pahi-
hintulutan na ang mga talaang
ipinasa-pasa ng aming mga
ama, na banal, ay mahulog sa
mga kamay ng mga Lamanita,
(sapagkat sisirain ang mga ito
ng mga Lamanita) kaya nga,
ginawa ko ang mga talaang
[a]ito mula sa mga lamina ni Ne-
phi, at [b]itinago sa burol Cumo-
rah ang lahat ng talaang ipi-
nagkatiwala sa akin ng kamay
ng Panginoon, maliban [c]dito
sa iilang lamina na ibinigay ko
sa aking anak na lalaki na si
[d]Moroni.
7 At ito ay nangyari na, na ang
aking mga tao, kasama ang ka-
nilang mga asawa at kanilang
mga anak, ay namasdan ngayon
ang mga [a]hukbo ng mga Lama-
nita na humahayo patungo sa
kanila; at lakip ang kakila-kila-
bot na takot sa kamatayan na
pumupuno sa mga dibdib ng
lahat ng masama, ay hinintay
nilang tanggapin sila.

**6** 1*a* 1 Ne. 12:19; Jar. 1:10; Alma 45:9–14; Hel. 13:5–11.
2*a* Eter 9:3.
6*a* GBK Lamina, Mga.
*b* Eter 15:11.
*c* S ni M 1:2.
*d* Morm. 8:1.
7*a* 1 Ne. 12:15.

8 At ito ay nangyari na, na sila
ay sumalakay upang makidig-
ma laban sa amin, at ang bawat
tao ay napuspos ng takot dahil
sa kalakihan ng kanilang bilang.
9 At ito ay nangyari na, na di-
naluhong nila ang aking mga
tao ng espada, at ng busog, at ng
palaso, at ng palakol, at ng lahat
ng uri ng sandata ng digmaan.
10 At ito ay nangyari na, na
ang aking mga tauhan ay pinag-
hahalihaw, oo, maging ang sam-
pung libong kasama ko, at ako
ay bumagsak na sugatan sa git-
na; at kanila akong nalampasan
kung kaya't hindi nila nawaka-
san ang aking buhay.
11 At nang sila ay makatapos
at kanilang mapabagsak ang
[a]lahat ng aking mga tao mali-
ban sa dalawampu at apat sa
amin, (kasama ang aking anak
na si Moroni) at kami na naka-
ligtas sa kamatayan ng aming
mga tao, ay namasdan kinabu-
kasan, nang magsibalik na ang
mga Lamanita sa kanilang mga
kuta, mula sa tuktok ng burol
Cumorah, ang sampung libo ng
aking mga tao na pinaghahali-
haw, na pinamunuan ko.
12 At namasdan din namin
ang sampung libong tao ko na
pinamunuan ng aking anak na
si Moroni.
13 At masdan, ang sampung
libo ni Gidgidonas ay bumag-
sak, at siya rin na nasa gitna.
14 At si Lemas ay bumagsak
kasama ang kanyang sampung
libo; at si Gilgal ay bumagsak
kasama ang kanyang sampung
libo; at si Limhas ay bumagsak
kasama ang kanyang sampung
libo; at si Jeneum ay bumagsak
kasama ang kanyang sampung
libo; at si Cumenihas, at si Mo-
ronihas, at si Antionum, at si
Siblom, at si Sem, at si Jos, ay
nangabagsak kasama ang kani-
lang tig-sasampung libo.
15 At ito ay nangyari na, na
mayroon pang sampung bu-
magsak sa pamamagitan ng es-
pada, kasama ang kanilang tig-
sasampung libo; oo, maging ang
[a]lahat ng aking mga tao, mali-
ban doon sa dalawampu at apat
na kasama ko, at gayon din ang
ilang tumakas patungo sa mga
bayan sa timog, at ang ilang
umanib sa mga Lamanita, ay na-
ngabagsak; at ang kanilang mga
laman, at buto, at dugo ay na-
kakalat sa balat ng lupa, na nai-
wan ng mga kamay ng mga ya-
ong pumatay sa kanila upang
mabulok sa ibabaw ng lupa, at
maagnas at bumalik sa kanilang
inang lupa.
16 At ang aking kaluluwa ay
nabagbag sa pagdadalamhati,
dahil sa pagkamatay ng aking
mga tao, at ako ay napabulalas:
17 O kayong mga kaaya-aya,
paanong kayo napalihis sa mga
landas ng Panginoon! O ka-
yong mga kaaya-aya, paanong
itinatwa ninyo si Jesus, na na-
katayong bukas ang mga bisig
upang kayo ay tanggapin!
18 Masdan, kung hindi nin-
yo ginawa ito, hindi sana kayo
nangabagsak. Ngunit masdan,
kayo ay nangabagsak, at aking

11*a* 1 Ne. 12:19–20; Hel. 15:17.
15*a* Alma 9:24.

ipinagdadalamhati ang inyong
pagkawala.
19 O kayong mga kaaya-ayang
anak na lalaki at babae; kayong
mga ama at ina, kayong mga
asawang lalaki at babae, kayong
mga kaaya-aya, paanong kayo
ay nangabagsak!
20 Ngunit masdan, kayo ay
wala na, at hindi kayo maibaba-
lik ng aking mga kalungkutan.
21 At ang araw ay malapit
nang dumating na ang inyong
pagiging may kamatayan ay ki-
nakailangang magbihis ng ka-
walang-kamatayan, at ang mga
katawang ito na naaagnas na sa
kabulukan ay kinakailangang
maging mga [a]walang kabulu-
kang katawan; at pagkatapos
kayo ay tatayo sa hukumang-
luklukan ni Cristo, upang ha-
tulan alinsunod sa inyong mga
gawa; at kung sakaling kayo ay
mabubuti, sa gayon kayo ay pag-
papalain kasama ng inyong mga
ama na nangauna na sa inyo.
22 O kung kayo lamang ay
nagsipagsisi bago ang malaking
pagkalipol na ito ay sumapit sa
inyo. Ngunit masdan, kayo ay
wala na, at ang Ama, oo, ang
Amang Walang Hanggan ng
langit, ay nalalaman ang inyong
kalagayan; at gagawin niya sa
inyo alinsunod sa kanyang [a]ka-
tarungan at [b]awa.

## KABANATA 7

*Inaanyayahan ni Mormon ang mga Lamanita ng mga huling araw na maniwala kay Cristo, tanggapin ang kanyang ebanghelyo, at maligtas—Ang lahat ng maniniwala sa Biblia ay maniniwala rin sa Aklat ni Mormon. Mga A.D. 385.*

AT ngayon, masdan, ako ay
magsasalita kahit paano sa mga
[a]labi ng mga taong ito na nalig-
tas, kung sakaling ipahihintulot
ng Diyos na ibigay sa kanila ang
aking mga salita, upang mala-
man nila ang tungkol sa mga ba-
gay ng kanilang mga ama; oo,
ako ay nangungusap sa inyo,
kayong mga labi ng sambaha-
yan ni Israel; at ito ang mga sa-
litang aking sasabihin:
2 Alamin ninyo na kayo ay
mula sa [a]sambahayan ni Israel.
3 Alamin ninyo na kinakaila-
ngan kayong magsisi, o hindi
kayo maliligtas.
4 Alamin ninyo na kinakaila-
ngan ninyong isuko ang inyong
mga sandata ng digmaan, at hu-
wag nang malugod pa sa pagpa-
padanak ng dugo, at huwag na
ninyong muling kunin ang mga
ito, maliban kung ipag-uutos ng
Diyos sa inyo.
5 Alamin ninyo na kinakaila-
ngan kayong magkaroon ng
[a]kaalaman tungkol sa inyong
mga ama, at magsisi ng lahat
ng inyong mga kasalanan at
kasamaan, at [b]maniwala kay
Jesucristo, na siya ang Anak ng
Diyos, at na siya ay pinatay ng
mga Judio, at sa pamamagitan
ng kapangyarihan ng Ama, siya

21*a* 1 Cor. 15:53–54.
22*a* GBK Katarungan.
*b* GBK Awa, Maawain.
**7** 1*a* Hel. 15:11–13.
2*a* Alma 10:3.
5*a* 2 Ne. 3:12.
*b* GBK Paniniwala, Maniwala; Pananampalataya.

ay bumangong muli kung saan
ay natamo niya ang [c]tagumpay
laban sa libingan; at sa kanya
rin ang tibo ng kamatayan ay
nalulon.
6 At kanyang pinapangyari
ang [a]pagkabuhay na mag-uli ng
mga patay, kung saan ang mga
tao ay kinakailangang magba-
ngon upang tumayo sa hara-
pan ng kanyang [b]hukumang-
luklukan.
7 At kanyang pinapangyari
ang [a]katubusan ng sanlibutan,
kung saan siya na matatagpu-
ang [b]walang kasalanan sa hara-
pan niya sa araw ng paghuhu-
kom ay maibigay sa kanya na
[c]makapanahanan sa kinaroroo-
nan ng Diyos sa kanyang kaha-
rian, upang umawit nang wa-
lang humpay na papuri kasama
ng mga [d]koro sa kaitaasan, sa
Ama, at sa Anak, at sa Espiritu
Santo, na [e]isang Diyos, sa [f]mali-
gayang kalagayan na walang
katapusan.
8 Kaya nga, magsisi, at mag-
pabinyag sa pangalan ni Jesus,
at panghawakan ang [a]ebang-
helyo ni Cristo, na ipaaalam sa
inyo, hindi lamang sa talaang
ito kundi gayon din sa mga [b]ta-
laang darating sa mga Gentil
[c]mula sa mga Judio, na mga tala-
ang manggagaling sa mga Gen-
til [d]patungo sa inyo.
9 Sapagkat masdan, [a]ito ay isi-
nulat sa layuning kayo ay [b]ma-
niwala roon; at kung kayo ay
maniniwala roon ay paniniwa-
laan din ninyo ito; at kung pa-
niwalaan ninyo ito, malalaman
ninyo ang hinggil sa inyong
mga ama, at gayon din ang mga
kagila-gilalas na gawaing gina-
wa sa pamamagitan ng kapang-
yarihan ng Diyos sa kanila.
10 At malalaman din ninyo na
kayo ay mga labi ng mga binhi
ni Jacob; anupa't kayo ay nabi-
bilang sa mga tao ng unang ti-
pan; at kung sakaling kayo ay
maniniwala kay Cristo, at mag-
pabinyag, una ay sa tubig, at
pagkatapos ay sa apoy at sa Es-
piritu Santo, na sinusunod ang
[a]halimbawa ng ating Tagapag-
ligtas, alinsunod sa kanyang
iniutos sa atin, iyon ay higit na
mabuti para sa inyo sa araw ng
paghuhukom. Amen.

## KABANATA 8

*Pinaghanap ng mga Lamanita at nilipol ang mga Nephita—Ang Aklat ni Mormon ay lalabas sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos—Ipinahayag ang mga kapighatian doon sa naghihinga ng poot at sigalot laban sa gawa ng Panginoon—Ang talaan ng Ne-*

5*c* Is. 25:8; Mos. 16:7–8.
6*a* GBK Pagkabuhay na Mag-uli.
*b* GBK Jesucristo—Hukom; Paghuhukom, Ang Huling.
7*a* GBK Tubos, Tinubos, Pagtubos.
*b* GBK Pagbibigay-katwiran, Pangatwiranan.
*c* 1 Ne. 10:21; D at T 76:62; Moi. 6:57.
*d* Mos. 2:28.
*e* D at T 20:28. GBK Diyos, Panguluhang Diyos.
*f* GBK Kagalakan.
8*a* GBK Ebanghelyo.
*b* GBK Biblia.
*c* 2 Ne. 29:4–13.
*d* 1 Ne. 13:38.
9*a* GBK Aklat ni Mormon.
*b* 1 Ne. 13:38–41.
10*a* 2 Ne. 31:5–9.

*phita ay lalabas sa araw ng kasa-*
*maan, kahinaan, at lubusang pag-*
*talikod sa katotohanan. Mga* A.D.
*400–421.*

MASDAN ako, si [a]Moroni, ay ta-
tapusin ang [b]talaan ng aking
ama, si Mormon. Masdan, may-
roon akong ilang bagay na isu-
sulat, mga bagay na iniutos sa
akin ng aking ama.
2 At ngayon ito ay nangyari
na, na matapos ang [a]malaki at
katakut-takot na digmaan sa
Cumorah, masdan, ang mga
Nephita na tumakas sa bayang
patimog ay tinugis ng mga
[b]Lamanita, hanggang sa silang
lahat ay malipol.
3 At ang aking ama ay napa-
tay rin nila, at ako lamang ang
nalabing [a]mag-isa upang isulat
ang malungkot na kasaysayan
ng pagkalipol ng aking mga tao.
Ngunit masdan, sila ay wala na,
at tinutupad ko ang kautusan ng
aking ama. At kung ako ay ma-
papatay nila, hindi ko alam.
4 Kaya nga, ako ay magsusu-
lat at itatago ang mga talaan sa
lupa; at kung saan ako paroroon
ay hindi na mahalaga.
5 Masdan, ginawa ng aking
ama ang talaang [a]ito, at kanyang
isinulat ang layunin niyon. At
masdan, isusulat ko rin ito kung
mayroon pang puwang sa mga
[b]lamina, ngunit wala na; at
inang mina ako ay wala sapag-
kat ako ay nag-iisa. Ang aking
ama ay napatay sa digmaan,
at lahat ng aking kamag-anak,
at wala akong kaibigan ni patu-
tunguhan, at kung gaano kata-
gal ako pahihintulutang mabu-
hay ng Panginoon ay hindi ko
alam.
6 Masdan, apat na [a]raang taon
na ang lumipas mula noong pu-
marito ang ating Panginoon at
Tagapagligtas.
7 At masdan, tinugis ng mga
Lamanita ang aking mga tao,
ang mga Nephita, nang lunsod
sa lunsod at lugar sa lugar, ma-
ging hanggang sa sila ay mawa-
la na; at malakas ang kanilang
naging [a]pagbagsak; oo, malaki
at kagila-gilalas ang pagkalipol
ng aking mga tao, ang mga Ne-
phita.
8 At masdan, ang kamay ng
Panginoon ang gumawa nito. At
masdan din, ang mga Lamanita
ay [a]nakikipagdigmaan sa isa't
isa; at ang ibabaw ng buong lu-
paing ito ay isang patuloy na
pag-inog ng pagpatay at pagda-
nak ng dugo; at walang isa man
ang nakaaalam sa pagwawakas
ng digmaan.
9 At ngayon, masdan, wala na
akong sasabihin pa hinggil sa
kanila, sapagkat wala na mali-
ban sa mga Lamanita at [a]tulisan
ang nabubuhay sa ibabaw ng
lupain.
10 At walang sinumang naka-
kikilala sa tunay na Diyos mali-
ban sa mga [a]disipulo ni Jesus, na

**8** 1*a* GBK Moroni, Anak ni Mormon.
*b* GBK Lamina, Mga.
2*a* Morm. 6:2–15.
*b* D at T 3:18.
3*a* Moro. 9:22.
5*a* Morm. 2:17–18.
*b* Morm. 6:6.
6*a* Alma 45:10.
7*a* 1 Ne. 12:2–3.
8*a* 1 Ne. 12:20–23.
9*a* Morm. 2:8.
10*a* 3 Ne. 28:7; Eter 12:17. GBK Tatlong Nephitang Disipulo.

nagpaiwan sa lupain hanggang
sa ang kasamaan ng mga tao ay
naging napakalubha kung ka-
ya't ang Panginoon ay hindi sila
pinahintulutang [b]manatili kasa-
ma ng mga tao; at kung sila man
ay nasa ibabaw ng lupain ay wa-
lang taong nakaaalam.
11 Ngunit masdan, ang aking
[a]ama at ako ay nakita sila, at
sila ay naglingkod sa amin.
12 At sinumang makatatang-
gap ng talaang ito at hindi ito
hahatulan dahil sa mga kahina-
ang mayroon ito, siya ay maka-
aalam ng higit na mga [a]daki-
lang bagay kaysa rito. Masdan,
ako si Moroni; at kung maaari,
ipaaalam ko ang lahat ng ba-
gay sa inyo.
13 Masdan, ako ay nagtatapos
sa aking pagsasalita hinggil sa
mga taong ito. Ako ay anak ni
Mormon, at ang aking ama ay
[a]inapo ni Nephi.
14 At ako rin ang siyang [a]nag-
tago ng talaang ito ayon sa Pa-
nginoon; ang mga laminang
yaon ay walang halaga, dahil
sa kautusan ng Panginoon. Sa-
pagkat tunay na kanyang sinabi
na walang sinumang makaku-
kuha nito upang [b]makinabang;
ngunit ang nakatala roon ay ma-
laki ang kahalagahan; at sinu-
man ang magdadala nito sa li-
wanag, siya ay pagpapalain ng
Panginoon.
15 Sapagkat walang sinumang
magkakaroon ng kapangyari-
han na madala iyon sa liwanag
maliban kung iyon ay ibinigay
sa kanya ng Diyos; sapagkat ni-
loloob ng Diyos na iyon ay
mangyayari na ang [a]mata ay na-
katuon sa kanyang kaluwalha-
tian, o sa kapakanan ng mga si-
nauna at malaon nang naikalat
na mga taong pinagtipanan ng
Panginoon.
16 At pinagpala [a]siya na mag-
dadala ng bagay na ito sa liwa-
nag, sapagkat ito ay [b]mailalabas
mula sa kadiliman tungo sa li-
wanag; alinsunod sa salita ng
Diyos; oo, ito ay ilalabas mula sa
lupa, at ito ay magniningning
mula sa kadiliman, at darating
sa kaalaman ng mga tao; at ito
ay mangyayari sa pamamagitan
ng kapangyarihan ng Diyos.
17 At kung mayroon mang
mga [a]pagkakamali, yaon ay mga
kamalian ng tao. Ngunit mas-
dan, wala kaming alam na ka-
malian; gayunman, nalalaman
ng Diyos ang lahat ng bagay;
kaya nga, siya na [b]hahatol, pa-
pag-ingatin siya at baka siya ay
manganib sa apoy ng impiyerno.
18 At siya na nagsasabi: Ipakita
mo sa akin, o ikaw ay masasak-
tan—papag-ingatin siya at baka
ang kanyang ipinag-uutos ay
ipinagbabawal ng Panginoon.
19 Sapagkat masdan, siya na
[a]humahatol nang pabigla-bigla
ay hahatulan din nang pabigla-

10*b* Morm. 1:16.
11*a* 3 Ne. 28:24–26.
12*a* 3 Ne. 26:6–11.
13*a* 3 Ne. 5:20.
14*a* Moro. 10:1–2.
*b* JS—K 1:46.
15*a* D at T 4:5.
16*a* 2 Ne. 3:6–7, 11, 13–14.
*b* Is. 29:18; 2 Ne. 27:29.
17*a* Morm. 9:31, 33; Eter 12:23–28.
*b* 3 Ne. 29:5; Eter 4:8.
19*a* PJS, Mat. 7:1–2; 3 Ne. 14:1–2; Moro. 7:14.

bigla; sapagkat alinsunod sa
kanyang mga gawa ang kan-
yang magiging kabayaran; anu-
pa't siya na nananakit ay sasak-
tan ding muli ng Panginoon.
20 Masdan, kung ano ang sina-
sabi ng mga banal na kasulatan
—ang tao ay hindi mananakit,
ni siya ay hahatol; sapagkat sa
akin ang paghatol, wika ng Pa-
nginoon, at akin din ang paghi-
higanti, at ako ang gaganti.
21 At siya na hihinga ng poot
at mga sigalot laban sa gawa ng
Panginoon, at laban sa mga ta-
ong pinagtipanan ng Panginoon
na mula sa sambahayan ni Isra-
el, at magsasabi: Aming sisirain
ang gawa ng Panginoon, at hin-
di maaalaala ng Panginoon ang
tipang kanyang ginawa sa sam-
bahayan ni Israel—siya rin ay
nanganganib na tagpasin at iha-
gis sa apoy;
22 Sapagkat ang mga walang
hanggang [a]layunin ng Pangino-
on ay magpapatuloy, hanggang
sa ang lahat ng kanyang panga-
ko ay matupad.
23 Saliksikin ninyo ang mga
propesiya ni [a]Isaias. Masdan,
hindi ko maisusulat ang mga
yaon. Oo, masdan, sinasabi ko
sa inyo, na yaong mga banal na
nangauna sa akin, na nag-ang-
kin ng lupaing ito, ay [b]magsu-
sumamo, oo, maging mula sa
alabok sila ay magsusumamo
sa Panginoon; at yamang ang
Panginoon ay buhay, aalalaha-
nin niya ang tipang kanyang gi-
nawa sa kanila.
24 At kanyang nalalaman ang
kanilang mga [a]panalangin, na
ang mga iyon ay sa kapakanan
ng kanilang mga kapatid. At
alam niya ang kanilang pana-
nampalataya, sapagkat sa kan-
yang pangalan ay natinag nila
ang mga [b]bundok, at sa kanyang
pangalan ay napangyari nilang
mayanig ang lupa; at sa pama-
magitan ng kapangyarihan ng
kanyang salita ay napangyari
nilang gumuho ang mga [c]bi-
langguan sa lupa; oo, maging
ang nagniningas na hurnuhan
ay hindi sila nasaktan, maging
ng mababangis na hayop o ng
mga makamandag na ahas, da-
hil sa kapangyarihan ng kan-
yang salita.
25 At masdan, ang kanilang
mga [a]panalangin ay sa kapaka-
nan din niya na pahihintulutan
ng Panginoon na magdadala pa-
sulong ng mga bagay na ito;
26 At walang sino mang kina-
kailangang magsabi na hindi
ito darating, sapagkat tunay na
ang mga ito ay darating, sapag-
kat ang Panginoon ang nagsabi
niyon; sapagkat [a]mula sa lupa
ang mga ito ay lalabas, sa pama-
magitan ng kamay ng Pangino-
on, at walang makapipigil ni-
yon; at ang mga ito ay darating
sa araw na sasabihin na ang
mga [b]himala ay wala na; at ang
mga ito ay darating maging tu-

22*a* D at T 3:3.
23*a* 3 Ne. 20:11; 23:1.
*b* Is. 29:4;
2 Ne. 3:19–20; 26:16.
24*a* Enos 1:12–18;
Morm. 9:36;
D at T 10:46.
*b* Jac. 4:6; Hel. 10:9.
*c* Alma 14:27–29.
25*a* Morm. 5:21.
26*a* Is. 29:4;
2 Ne. 33:13.
*b* Morm. 9:15–26;
Moro. 7:27–29,
33–37.

lad ng isang nagsasalita [c]buhat
sa mga patay.
27 At ito ay mangyayari sa
araw na ang [a]dugo ng mga ba-
nal ay magsusumamo sa Pa-
nginoon, dahil sa [b]lihim na pag-
sasabwatan at mga gawain ng
kadiliman.
28 Oo, ito ay mangyayari sa
araw kung kailan ang kapang-
yarihan ng Diyos ay itatatwa, at
ang mga [a]simbahan ay magi-
ging marumi at maaangat sa ka-
palaluan ng kanilang mga puso;
oo, maging sa isang araw na ang
mga namumuno sa mga sim-
bahan at guro ay lalantad nang
may pagpapalalo sa kanilang
mga puso, maging sa pagka-
inggit sa kanila na kabilang sa
kanilang mga simbahan.
29 Oo, ito ay mangyayari sa
araw kung [a]kailan ay makariri-
nig ng mga sunog, at unos, at
[b]ulap ng usok sa mga ibang lu-
pain;
30 At makaririnig din ng mga
[a]digmaan, at alingawngaw ng
digmaan, at lindol sa iba't ibang
dako.
31 Oo, ito ay mangyayari sa
araw na magkakaroon ng ma-
laganap na karumihan sa balat
ng lupa; magkakaroon ng mga
pagpaslang, at panloloob, pag-
sisinungaling, at panlilinlang,
at pagpapatutot, at lahat ng uri
ng karumal-dumal na gawain;
kung kailan marami ang magsa-
sabi, Gawin ninyo ito, o gawin
ninyo iyon, at [a]walang anuman
iyon, sapagkat [b]sasang-ayunan
ng Panginoon ang gayon sa hu-
ling araw. Ngunit sa aba nila,
sapagkat sila ay nasa [c]kasuk-
dulan ng kapaitan at nasa mga
gapos ng kasamaan.
32 Oo, ito ay mangyayari sa
araw na magkakaroon ng mga
simbahang itatayo at magsasa-
bi: Magsilapit kayo sa akin, at
dahil sa inyong salapi ay pata-
tawarin ang inyong mga kasa-
lanan.
33 O, kayong masasama at ba-
lakyot at matitigas ang leeg na
mga tao, bakit kayo nagtayo ng
mga simbahan para sa inyong
sarili upang [a]makinabang? Bakit
ninyo [b]binago ang banal na sali-
ta ng Diyos, upang magdala
kayo ng [c]kapahamakan sa in-
yong mga kaluluwa? Masdan,
magtiwala kayo sa mga pagha-
hayag ng Diyos; sapagkat mas-
dan, ang panahon ay darating sa
araw na yaon kung kailan ang
lahat ng bagay na ito ay kina-
kailangang matupad.
34 Masdan, ipinakita sa akin
ng Panginoon ang mga dakila
at kagila-gilalas na bagay hing-
gil sa yaong hindi maglalaon ay
mangyayari, at sa araw na yaon
kung kailan ang mga bagay na
ito ay mangyayari sa inyo.

26*c* 2 Ne. 26:15–16; Morm. 9:30; Moro. 10:27.
27*a* Eter 8:22–24; D at T 87:6–7.
*b* GBK Lihim na Pagsasabwatan, Mga.
28*a* 2 Tim. 3:1–7; 1 Ne. 14:9–10; 2 Ne. 28:3–32; D at T 33:4.
29*a* Joel 2:28–32; 2 Ne. 27:2–3.
*b* 1 Ne. 19:11; D at T 45:39–42.
30*a* Mat. 24:6; 1 Ne. 14:15–17.
31*a* 2 Ne. 28:21–22.
*b* 2 Ne. 28:8.
*c* Alma 41:11.
33*a* GBK Huwad na Pagkasaserdote.
*b* 1 Ne. 13:26–29.
*c* GBK Kapahamakan.

35 Masdan, ako ay nangungusap sa inyo na parang kayo ay naririto, gayon pa man kayo ay wala rito. Ngunit masdan, ipinakita kayo sa akin ni Jesucristo, at nalalaman ko ang inyong mga ginagawa.

36 At nalalaman ko na kayo ay [a]lumalakad sa kapalaluan ng inyong mga puso; at wala maliban sa ilan lamang ang hindi [b]iniaangat ang mga sarili sa kapalaluan ng kanilang mga puso, tungo sa pagsusuot ng [c]napakaiinam na kasuotan, tungo sa mga pag-iinggitan, at sigalutan, at malisya, at pag-uusig, at lahat ng uri ng kasamaan; at ang inyong mga simbahan, oo, maging bawat isa, ay naging marurumi dahil sa kapalaluan ng inyong mga puso.

37 Sapagkat masdan, iniibig ninyo ang [a]salapi, at inyong kabuhayan, ang inyong maiinam na kasuotan, at ang pagpapalamuti sa inyong mga simbahan, nang higit sa inyong pagmamahal sa mga maralita at nangangailangan, sa maykaramdaman at sa naghihirap.

38 O, kayong marurumi, kayong mga mapagkunwari, kayong mga guro, na ipinagbibili ang inyong sarili sa mga yaong mangangalawang, bakit ninyo dinumihan ang banal na simbahan ng Diyos? Bakit kayo [a]nahihiyang taglayin sa inyong sarili ang pangalan ni Cristo? Bakit hindi ninyo iniisip na higit na mahalaga ang walang hanggang kaligayahan kaysa roon sa [b]kalungkutan na hindi kailanman magwawakas—dahil sa [c]papuri ng sanlibutan?

39 Bakit ninyo pinalalamutian ang inyong sarili ng yaong walang buhay, gayon man ay pinahihintulutan ang nagugutom at ang nangangailangan, at ang hubad, at ang maykaramdaman at ang naghihirap na dumaraan sa harapan ninyo nang hindi sila pinapansin?

40 Oo, bakit ninyo itinatag ang inyong mga [a]lihim na karumal-dumal na gawain upang makinabang, at pinapangyari na ang mga balo ay magdalamhati sa harapan ng Panginoon, at gayon din ang mga ulila na magdalamhati sa harapan ng Panginoon, at gayon din ang dugo ng kanilang mga ama at kanilang mga asawang lalaki na magsumamo sa Panginoon mula sa lupa ng paghihiganti sa inyong mga ulo?

41 Masdan, ang espada ng paghihiganti ay nakaumang sa ulunan ninyo; at hindi maglalaon ang panahon ay darating na kanyang [a]ipaghihiganti ang dugo ng mga banal sa inyo, sapagkat hindi na niya ipagwawalang-bahala pa ang kanilang mga pagsusumamo.

36*a* GBK Lumakad, Lumakad na Kasama ng Diyos.
*b* Jac. 2:13.
*c* Alma 5:53.
37*a* 2 Ne. 28:9–16.
38*a* Rom. 1:16; 2 Tim. 1:8; 1 Ne. 8:25–28; Alma 46:21.
*b* Mos. 3:25.
*c* 1 Ne. 13:9.
40*a* GBK Lihim na Pagsasabwatan, Mga.
41*a* 1 Ne. 22:14.

## KABANATA 9

*Tinatawagan ni Moroni ang mga hindi naniniwala kay Cristo na magsisi—Kanyang ipinahayag ang Diyos ng mga himala, na nagbibigay ng mga paghahayag at nagbubuhos ng mga kaloob at palatandaan sa matatapat—Tumitigil ang mga himala dahil sa kawalang-paniniwala—Ang mga palatandaan ay susunod doon sa mga maniniwala—Ang mga tao ay pinayuhan na maging matatalino at sundin ang mga kautusan. Mga* A.D. *401–421.*

AT ngayon, ako ay nangungusap din hinggil sa mga yaong hindi naniniwala kay Cristo.
2 Masdan, kayo ba ay naniniwala sa araw ng inyong kaparusahan—masdan, kung kailan ang Panginoon ay paparito, oo, maging yaong [a]dakilang araw kung kailan ang [b]lupa ay samasamang mababalumbon tulad ng isang nakalulon na papel, at ang mga elemento ay [c]matutunaw sa matinding init, oo, sa dakilang araw na yaon kung kailan kayo ay dadalhin upang tumayo sa harapan ng Kordero ng Diyos—sa gayon, inyo bang sasabihin na walang Diyos?
3 Sa gayon, inyo bang itatatwa pa ang Cristo, o inyo bang mapagmamasdan ang Kordero ng Diyos? Inaakala ba ninyo na kayo ay makapananahanang kasama niya sa ilalim ng kabatiran ng inyong pagkakasala? Inaakala ba ninyo na kayo ay magiging maligaya na manahanan kasama yaong banal na Katauhan, kapag ang inyong mga kaluluwa ay ginigiyagis ng kabatiran ng inyong pagkakasala na pinagmalabisan ninyo ang kanyang mga batas?
4 Masdan, sinasabi ko sa inyo, kayo'y higit na magiging kaaba-abang manahanan kasama ang banal at makatarungang Diyos sa ilalim ng kabatiran ng inyong karumihan sa harapan niya; kaysa sa kayo ay manahanan kasama ng mga [a]isinumpang kaluluwa sa [b]impiyerno.
5 Sapagkat masdan, kapag kayo ay dadalhin upang makita ang inyong [a]kahubaran sa harapan ng Diyos, at gayundin ang kaluwalhatian ng Diyos, at ang kabanalan ni Jesucristo, iyon ang magsisindi ng ningas ng apoy na hindi maapula sa inyo.
6 O, sa gayon, kayong mga [a]walang paniniwala, [b]bumaling kayo sa Panginoon; magsumamo nang buong taimtim sa Ama sa pangalan ni Jesus, baka sakaling kayo ay matagpuang walang bahid-dungis, [c]dalisay, kaaya-aya, at maputi, nalinis sa pamamagitan ng dugo ng [d]Kordero, sa dakila at huling araw na yaon.

**9** 2*a* Mal. 4:5; 3 Ne. 28:31.
*b* Morm. 5:23; D at T 63:20–21. GBK Daigdig—Katapusan ng daigdig.
*c* Amos 9:13; 3 Ne. 26:3.
4*a* GBK Kapahamakan.
*b* GBK Impiyerno.
5*a* 2 Ne. 9:14.
6*a* GBK Kawalang-paniniwala.
*b* Ez. 18:23, 32; D at T 98:47.
*c* GBK Dalisay, Kadalisayan.
*d* GBK Kordero ng Diyos.

7 At muli, sinasabi ko sa inyo
na [a]nagtatatwa sa mga pag-
hahayag ng Diyos, at sinasabi
na ang mga yaon ay natapos
na, na wala nang mga pagha-
hayag, ni mga propesiya, ni
mga kaloob, ni pagpapagaling,
ni pagsasalita ng mga wika,
at [b]pagpapaliwanag ng mga
wika;
8 Masdan, sinasabi ko sa inyo,
siya na nagtatatwa sa mga ba-
gay na ito ay hindi nalalaman
ang [a]ebanghelyo ni Cristo; oo,
hindi niya nabasa ang mga ba-
nal na kasulatan; kung sakali
man, hindi niya [b]nauunawaan
ang mga ito.
9 Sapagkat hindi ba't ating
nababasa na ang Diyos ay [a]siya
ring kahapon, ngayon, at mag-
pakailanman, at sa kanya ay
walang pag-iiba-iba ni anino ng
pagbabago?
10 At ngayon, kung nag-aakala
kayo sa inyong sarili ng isang
diyos na nag-iiba, at kung kani-
no ay may anino ng pagbabago,
kung gayon, nag-aakala kayo sa
inyong sarili ng isang diyos na
hindi Diyos ng mga himala.
11 Ngunit masdan, aking ipa-
kikilala sa inyo ang isang Diyos
ng mga himala, maging ang
Diyos ni Abraham,at ang Diyos
ni Isaac, at ang Diyos ni Jacob; at
yaon ang siya ring [a]Diyos na lu-
mikha ng kalangitan at ng lupa,
at lahat ng bagay na naroroon sa
mga yaon.
12 Masdan, kanyang nilikha
si Adan, at sa pamamagitan ni
[a]Adan ay dumating ang [b]pagka-
hulog ng tao. At dahil sa pagka-
hulog ng tao, si Jesucristo ay pu-
marito, maging ang Ama at ang
Anak; at dahil kay Jesucristo du-
mating ang [c]pagtubos sa tao.
13 At dahil sa pagtubos sa tao,
na dumating sa pamamagitan
ni Jesucristo, sila ay naibalik
sa harapan ng Panginoon; oo,
kung saan ang lahat ng tao ay
tinubos, dahil ang kamatayan
ni Cristo ay nagsasakatuparan
ng [a]pagkabuhay na mag-uli, na
nagsasakatuparan ng katubusan
mula sa walang katapusang
[b]pagtulog, kung saang pagka-
katulog ang lahat ng tao ay gi-
gisingin sa pamamagitan ng ka-
pangyarihan ng Diyos kung ka-
ilan ang pakakak ay tutunog; at
sila ay babangon, kapwa maliit
at malaki, at lahat ay tatayo sa
harapan ng kanyang hukuman,
na mga tinubos at kinalagan
mula sa walang hanggang [c]ga-
pos ng kamatayan, kung aling
kamatayan ay isang temporal na
kamatayan.
14 At pagkatapos ay sasapit
ang [a]paghuhukom ng Banal sa
kanila; at pagkatapos ay dara-
ting ang panahon na siya na
marumi ay magiging marumi

7*a* 3 Ne. 29:6–7.
*b* 1 Cor. 12:7–10; S ng P 1:7.
8*a* GBK Ebanghelyo.
*b* Mat. 22:29.
9*a* Heb. 13:8; 1 Ne. 10:18–19; Alma 7:20; Moro. 8:18; D at T 20:12.
11*a* Gen. 1:1; Mos. 4:2; D at T 76:20–24. GBK Jesucristo.
12*a* Mos. 3:26.
*b* GBK Pagkahulog nina Adan at Eva.
*c* GBK Tubos, Tinubos, Pagtubos.
13*a* Hel. 14:15–18.
*b* D at T 43:18.
*c* D at T 138:16.
14*a* GBK Paghuhukom, Ang Huling.

pa rin; at siya na mabuti ay ma-
giging mabuti pa rin; siya na
[b]masaya ay magiging masaya pa
rin; at siya na malungkot ay ma-
giging malungkot pa rin.
15 At ngayon, O kayong lahat
na nag-aakala sa inyong sarili
ng isang diyos na [a]hindi maka-
gagawa ng mga himala, tatanu-
ngin ko kayo, ang lahat ba ng
bagay na ito ay lumipas na, na
aking sinabi? Ang katapusan ay
dumating na ba? Masdan, sina-
sabi ko sa inyo, Hindi; at ang
Diyos ay hindi tumitigil na ma-
ging Diyos ng mga himala.
16 Masdan, hindi ba't ang
mga bagay na ginawa ng Diyos
ay kagila-gilalas sa ating mga
paningin? Oo, at sino ang maka-
uunawa sa mga kagila-gilalas
na [a]gawa ng Diyos?
17 Sino ang makapagsasabi
na hindi isang himala na sa
pamamagitan ng kanyang [a]sa-
lita ang langit at lupa ay nalik-
ha; at sa pamamagitan ng ka-
pangyarihan ng kanyang salita
ang tao ay [b]nalikha mula sa
[c]alabok ng lupa; at sa pamama-
gitan ng kapangyarihan ng
kanyang salita ang mga himala
ay nagawa?
18 At sino ang makapagsasabi
na si Jesucristo ay hindi guma-
wa ng maraming makapangya-
rihang [a]himala? At maraming
makapangyarihang himala ang
ginawa sa pamamagitan ng mga
kamay ng mga apostol.
19 At kung may mga [a]hi-
malang ginawa noon, bakit ti-
tigil ang Diyos na maging
isang Diyos ng mga himala at
gayon man ay nananatili pa
ring isang hindi nagbabagong
Katauhan? At masdan, sinasa-
bi ko sa inyo na hindi siya nag-
babago; kung sakali man, siya
ay titigil na maging Diyos; at
hindi siya tumitigil na maging
Diyos, at isang Diyos ng mga
himala.
20 At ang dahilan kung bakit
siya tumitigil ng paggawa ng
mga [a]himala sa mga anak ng tao
ay dahil sa kanilang paghina sa
kawalang-paniniwala, at lumi-
his sa tamang landas, at hindi
nakikilala ang Diyos na siyang
nararapat nilang [b]pagkatiwa-
laan.
21 Masdan, sinasabi ko sa inyo
na sinumang naniniwala kay
Cristo, nang walang pag-aalin-
langan, [a]anuman ang kanyang
hingin sa Ama sa pangalan ni
Cristo ay ipagkakaloob sa kan-
ya; at ang pangakong ito ay para
sa lahat, maging hanggang sa
mga nasa dulo ng mundo.
22 Sapagkat masdan, ganito
ang winika ni Jesucristo, na
Anak ng Diyos, sa kanyang mga
disipulong maiiwan, oo, gayon
din sa lahat ng kanyang disi-

14*b* Alma 7:21; D at T 88:35.
15*a* Moro. 7:35–37; D at T 35:8. GBK Himala.
16*a* Awit 40:5; D at T 76:114; Moi. 1:3–5.
17*a* Jac. 4:9.
*b* GBK Likha, Paglikha.
*c* Gen. 2:7; Mos. 2:25.
18*a* Juan 6:14.
19*a* D at T 63:7–10.
20*a* Huk. 6:11–13; Eter 12:12–18; Moro. 7:35–37.
*b* GBK Pagtitiwala.
21*a* Mat. 21:22; 3 Ne. 18:20.

pulo, sa pandinig ng maraming
tao: [a]Humayo kayo sa buong
daigdig, at ipangaral ang ebang-
helyo sa bawat nilikha;
23 At siya na naniniwala at
nabinyagan ay maliligtas, ngu-
nit siya na hindi naniniwala ay
[a]parurusahan.
24 At ang mga [a]palatandaang
ito ay susunod sa kanila na mga
naniniwala—sa aking pangalan
ay magpapalayas sila ng mga
[b]diyablo; magsasalita sila ng
mga bagong wika; magsisiha-
wak sila ng mga ahas; at kung
sila ay iinom ng kahit anong
nakamamatay na bagay iyon ay
hindi makasasakit sa kanila; ipa-
patong nila ang kanilang mga
[c]kamay sa maykaramdaman at
sila ay magsisigaling;
25 At sinuman ang maniniwala
sa aking pangalan, nang walang
pag-aalinlangan, [a]patutunayan
ko sa kanya ang lahat ng aking
salita, maging hanggang sa mga
nasa dulo ng mundo.
26 At ngayon, masdan, sino
ang makatatagal laban sa mga
gawain ng Panginoon? [a]Sino
ang magtatatwa sa kanyang
mga salita? Sino ang mag-aalsa
laban sa pinakamakapangyari-
hang lakas ng Panginoon? Sino
ang hahamak sa mga gawain ng
Panginoon? Sino ang hahamak
sa mga anak ni Cristo? Masdan,
lahat kayong [b]humahamak sa
mga gawain ng Panginoon, sa-
pagkat kayo ay mamamangha
at masasawi.
27 O, samakatwid, huwag
manghamak, at huwag ma-
mangha, kundi makinig sa mga
salita ng Panginoon, at humingi
sa Ama sa pangalan ni Jesus
ng anumang bagay na inyong
kailangan. Huwag mag-alinla-
ngan, kundi maging mapagpa-
niwala, at magsimula katulad
noong unang panahon, at [a]lu-
mapit sa Panginoon nang buo
[b]puso ninyo, at [c]isakatuparan
ang inyong sariling kaligtasan
nang may takot at panginginig
sa harapan niya.
28 Maging [a]matalino sa mga
araw ng inyong pagsubok; hu-
baran ang inyong sarili ng la-
hat ng karumihan; huwag hu-
mingi upang ubusin lamang sa
inyong [b]pagnanasa, kundi hu-
mingi nang may katatagang di
matitinag, upang hindi kayo su-
muko sa tukso, kundi kayo ay
maglingkod sa tunay at [c]buhay
na Diyos.
29 Tiyaking kayo ay hindi na-
binyagan nang [a]hindi karapat-
dapat; tiyaking kayo ay hindi
makikibahagi sa sakramento ni
Cristo nang [b]hindi karapat-da-
pat; kundi tiyaking inyong gina-
gawa ang lahat ng bagay nang

22*a* Mar. 16:15–16. GBK Gawaing Pangmisyonero.
23*a* GBK Kapahamakan.
24*a* Mar. 16:17–18. GBK Palatandaan.
*b* Gawa 16:16–18.
*c* GBK Pangangasiwa sa Maysakit.
25*a* GBK Paghahayag; Patotoo.
26*a* 3 Ne. 29:4–7.
*b* Kaw. 13:13.
27*a* Moro. 10:30–32.
*b* Jos. 22:5; D at T 64:22, 34. GBK Puso.
*c* Fil. 2:12.
28*a* Jac. 6:12.
*b* GBK Pagnanasa.
*c* Alma 5:13.
29*a* GBK Pagbibinyag, Binyagan—Mga hinihingi para sa pagbibinyag.
*b* 1 Cor. 11:27–30; 3 Ne. 18:28–32.

[c]karapat-dapat; at gawin ito sa pangalan ni Jesucristo, na Anak ng Diyos na buhay; at kung gagawin ninyo ito, at magtitiis hanggang wakas, walang dahilan upang kayo ay itakwil.
30 Masdan, nangungusap ako sa inyo na parang ako ay [a]nangungusap mula sa patay; sapagkat alam kong mapapasainyo ang aking mga salita.
31 Huwag ninyo akong hatulan dahil sa aking [a]kahinaan, ni ang aking ama, dahil sa kanyang kahinaan, ni sila na naunang sumulat sa kanya; kundi magbigay-pasalamat sa Diyos na kanyang ipinaalam sa inyo ang aming mga kahinaan nang inyong matutuhan na maging higit na matatalino kaysa sa amin noon.
32 At ngayon, masdan, isinulat namin ang talaang ito alinsunod sa aming kaalaman, sa mga titik na aming tinatawag na [a]binagong wikang Egipto, na ipinasa at aming binago, alinsunod sa paraan ng aming pagsasalita.
33 At kung ang aming mga lamina ay naging sapat ang laki ay isinulat sana namin ito sa Hebreo; ngunit binago rin namin ang Hebreo; at kung kami ay sumulat sa Hebreo, masdan, kayo ay hindi makakikita ng kahinaan sa aming talaan.
34 Ngunit nalalaman ng Panginoon ang mga bagay na aming naisulat; at gayundin, walang ibang mga taong nakaaalam ng aming wika; at sapagkat walang ibang taong nakaaalam ng aming wika, kaya nga, siya ay naghanda ng mga [a]paraan sa pagpapaliwanag ng mga yaon.
35 At ang mga bagay na ito ay nasulat upang ang aming mga kasuotan ay maalisan ng dugo ng aming mga kapatid, na nanghina sa [a]kawalang-paniniwala.
36 At masdan, ang mga bagay na ito na aming [a]ninais hinggil sa aming mga kapatid, oo, maging ang kanilang pagbabalik sa kaalaman kay Cristo, ay alinsunod sa mga panalangin ng lahat ng banal na nanahanan sa lupain.
37 At nawa ay ipagkaloob ng Panginoong Jesucristo na tugunin ang kanilang mga panalangin alinsunod sa kanilang pananampalataya; at nawa ay maalaala ng Diyos Ama ang tipang kanyang ginawa sa sambahayan ni Israel; at nawa ay kanyang pagpalain sila magpakailanman, sa pamamagitan ng pananampalataya sa pangalan ni Jesucristo. Amen.

29*c* gbk Karapat-dapat, Pagiging Karapat-dapat.
30*a* Morm. 8:26; Moro. 10:27.
31*a* Morm. 8:17; Eter 12:22–28, 35.
32*a* 1 Ne. 1:2; Mos. 1:4.
34*a* Mos. 8:13–18; Eter 3:23, 28; D at T 17:1.
35*a* 2 Ne. 26:15.
36*a* Morm. 8:24–26; D at T 10:46–49.

# Ang Aklat ni Eter

*Ang talaan ng mga Jaredita, na hinango mula sa dalawampu't apat na laminang natagpuan ng mga tao ni Limhi noong mga araw ni haring Mosias.*

## KABANATA 1

*Pinaikli ni Moroni ang mga sulat ni Eter—Ang talaangkanan ni Eter, inilathala—Ang wika ng mga Jaredita ay hindi nilito sa Tore ng Babel—Ang Panginoon ay nangakong aakayin sila patungo sa isang piling lupain at gagawin silang dakilang bansa.*

AT ngayon ako, si [a]Moroni, ay magpapatuloy na magbigay ng ulat ng mga yaong sinaunang nanirahan na nilipol ng [b]kamay ng Panginoon sa ibabaw nitong hilagang bayan.

2 At hinango ko ang aking ulat mula sa [a]dalawampu't apat na laminang natagpuan ng mga tao ni Limhi, na tinatawag na Aklat ni Eter.

3 At tulad ng inaakala ko na ang unang bahagi ng talaang ito, na nangungusap hinggil sa paglikha ng daigdig, at gayon din kay Adan, at isang ulat mula sa panahong yaon hanggang sa malaking [a]tore, at anumang bagay na naganap sa mga anak ng tao hanggang sa panahong yaon, ay nasa mga Judio—

4 Kaya nga hindi ko isusulat ang mga bagay na yaon na naganap mula noong mga araw ni [a]Adan hanggang sa panahong yaon; sapagkat ang mga ito ay nasa mga lamina; at kung sinuman ang makakikita sa mga yaon, siya rin ang magkakaroon ng kapangyarihang makuha niya ang buong ulat.

5 Subalit masdan, hindi ko ibibigay ang buong ulat, kundi isang bahagi ng ulat ang ibibigay ko, mula sa tore pababa hanggang sa sila ay malipol.

6 At sa ganitong paraan ko ibibigay ang ulat. Siya na sumulat ng talaang ito ay si [a]Eter, at inapo siya ni Coriantor.

7 Si Coriantor ay anak ni Moron.

8 At si Moron ay anak ni Etem.

9 At si Etem ay anak ni Ahas.

10 At si Ahas ay anak ni Set.

11 At si Set ay anak ni Siblon.

12 At si Siblon ay anak ni Com.

13 At si Com ay anak ni Coriantum.

14 At si Coriantum ay anak ni Amnigadas.

15 At si Amnigadas ay anak ni Aaron.

16 At si Aaron ay inapo ni Het, na anak ni Hertum.

17 At si Hertum ay anak ni Lib.

18 At si Lib ay anak ni Kis.

19 At si Kis ay anak ni Corom.

---

[ETER]
**1** 1*a* GBK Moroni, Anak ni Mormon.
*b* Morm. 5:23; D at T 87:6–7.
2*a* Alma 37:21; Eter 15:33.
3*a* Omni 1:22; Mos. 28:17; Hel. 6:28.
4*a* IE sumasakop ng gayon ding panahon katulad sa Genesis, kabanata 1–10.
6*a* Eter 12:2; 15:34.

20 At si Corom ay anak ni Levi.
21 At si Levi ay anak ni Kim.
22 At si Kim ay anak ni Morianton.
23 At si Morianton ay inapo ni Riplakis.
24 At si Riplakis ay anak ni Shez.
25 At si Shez ay anak ni Het.
26 At si Het ay anak ni Com.
27 At si Com ay anak ni Coriantum.
28 At si Coriantum ay anak ni Emer.
29 At si Emer ay anak ni Omer.
30 At si Omer ay anak ni Shul.
31 At si Shul ay anak ni Kib.
32 At si Kib ay anak ni Orihas, na anak ni Jared;
33 Na kung sinong [a]Jared ay lumisan kasama ang kanyang kapatid at kanilang mga mag-anak, kasama ang ilan pang iba at kanilang mag-anak, mula sa malaking tore, sa panahong [b]nilito ng Panginoon ang wika ng mga tao, at nanumpa sa kanyang kapootan na sila ay ikakalat sa [c]balat ng lupa; at alinsunod sa salita ng Panginoon ang mga tao ay nakalat.
34 At ang [a]kapatid ni Jared na malaki at malakas na lalaki, at isang lalaking labis na pinagpala ng Panginoon, si Jared, na kanyang kapatid, ay nagsabi sa kanya: Magsumamo ka sa Panginoon, na huwag niya tayong lituhin nang hindi natin maunawaan ang ating mga salita.
35 At ito ay nangyari na, na ang kapatid ni Jared ay nagsumamo sa Panginoon, at ang Panginoon ay nahahabag kay Jared; kaya nga hindi niya nilito ang wika ni Jared; at si Jared at ang kanyang kapatid ay hindi nalito.
36 Pagkatapos sinabi ni Jared sa kanyang kapatid: Muli kang magsumamo sa Panginoon, at kung maaari ay alisin niya ang kanyang galit mula sa kanila na mga kaibigan natin, upang huwag niyang lituhin ang kanilang wika.
37 At ito ay nangyari na, na ang kapatid ni Jared ay nagsumamo sa Panginoon, at ang Panginoon ay nahahabag sa kanilang mga kaibigan at gayon din sa kanilang mga mag-anak, kung kaya't hindi sila nalito.
38 At ito ay nangyari na, na si Jared ay muling nangusap sa kanyang kapatid, sinasabing: Humayo at magtanong sa Panginoon kung paaalisin niya tayo sa lupain, at kung paaalisin niya tayo sa lupain, magsumamo ka sa kanya kung saan tayo patutungo. At sino ang nakaaalam na hindi tayo dadalhin ng Panginoon sa isang [a]piling lupain sa buong mundo? At kung magkagayon, tayo ay maging tapat sa Panginoon, upang matanggap natin ito bilang mana natin.
39 At ito ay nangyari na, na ang kapatid ni Jared ay nagsumamo sa Panginoon alinsunod sa yaong binigkas ng bibig ni Jared.
40 At ito ay nangyari na, na

33*a* GBK Jared.
*b* Gen. 11:6–9.
*c* Mos. 28:17.
34*a* GBK Jared, Kapatid ni.
38*a* GBK Lupang Pangako.

dininig ng Panginoon ang kapatid ni Jared, at nahahabag sa kanya, at sinabi sa kanya:
41 Humayo at sama-samang tipunin ang inyong mga kawan, kapwa lalaki't babae, ng bawat uri; at ang mga binhi rin ng lupa ng bawat uri; at ang inyong mga [a]mag-anak; at si Jared din na iyong kapatid at ang kanyang mag-anak; at gayon din ang inyong mga [b]kaibigan at ang kanilang mga mag-anak, at ang mga kaibigan ni Jared at ang kanilang mga mag-anak.
42 At kapag nagawa mo na ito ay [a]hahayo ka sa unahan nila pababa sa lambak na pahilaga. At doon kita katatagpuin, at ako ay hahayo sa [b]harapan ninyo sa isang [c]piling lupain sa lahat ng lupain sa mundo.
43 At doon pagpapalain kita at ang mga binhi mo, at magbabangon para sa aking sarili sa iyong mga binhi, at sa mga binhi ng iyong kapatid, at sila na sasama sa iyo, ng isang dakilang bansa. At hindi magkakaroon ng higit pa sa kadakilaan ng bansang aalagaan ko sa iyong mga binhi, sa balat ng lupa. At gayon ang gagawin ko sa iyo dahil sa mahabang panahong ito ay nagsumamo ka sa akin.

## KABANATA 2

*Ang mga Jaredita ay naghanda para sa kanilang paglalakbay patungo sa lupang pangako—Ito ay piling lupain kung saan ay kailangang magsilbi ang mga tao kay Cristo o malilipol—Ang Panginoon ay nakipag-usap sa kapatid ni Jared sa loob ng tatlong oras—Ang mga Jaredita ay gumawa ng mga gabara—Tinanong ng Panginoon ang kapatid ni Jared na magmungkahi kung paano iilawan ang mga gabara.*

AT ito ay nangyari na, na si Jared at ang kanyang kapatid, at ang kanilang mga mag-anak, at ang mga kaibigan din ni Jared at ng kanyang kapatid at ang kanilang mga mag-anak, ay bumaba sa lambak na pahilaga, (at ang pangalan ng lambak ay [a]Nimrod, na tinawag alinsunod sa mahusay na mangangaso) kasama ang kanilang mga kawan na kanilang tinipong magkakasama, lalaki't babae, ng bawat uri.
2 At sila ay naglatag din ng mga bitag at nanghuli ng mga ibon ng himpapawid; at sila ay naghanda rin ng lalagyan, kung saan nila dinala ang isda ng mga tubig.
3 At sila ay nagdala rin ng deseret, na, kung isasalin, ay pukyutan; at sa gayon sila nakapagdala ng mga kuyog ng mga bubuyog, at lahat ng uri ng yaong nasa ibabaw ng lupain, mga binhi ng bawat uri.
4 At ito ay nangyari na, nang sila ay makababa sa lambak ng Nimrod na ang Panginoon ay bumaba at nakipag-usap sa kapatid ni Jared; at siya ay nasa

41*a* Eter 6:20.
*b* Eter 6:16.
42*a* 1 Ne. 2:1–2; Abr. 2:3.
*b* D at T 84:88.
*c* 1 Ne. 13:30.
**2** 1*a* Gen. 10:8.

[a]ulap, at hindi siya nakita ng kapatid ni Jared.

5 At ito ay nangyari na, na inutusan sila ng Panginoon na sila ay magtungo sa ilang, oo, patungo sa dakong yaon na hindi pa naparoroonan ng tao. At ito ay nangyari na, na ang Panginoon ay humayo sa unahan nila, at nakipag-usap sa kanila habang siya ay nakatayo sa [a]ulap, at nagbigay ng mga tagubilin kung saan sila maglalakbay.

6 At ito ay nangyari na, na sila ay naglakbay sa ilang, at gumawa ng mga gabara, kung saan sila nakatawid sa maraming tubig, patuloy na binibigyang-tagubilin ng kamay ng Panginoon.

7 At hindi pinahintulutan ng Panginoon na sila ay tumigil sa kabilang dako ng dagat sa ilang, kundi ninais niyang makalabas sila maging hanggang sa [a]lupang pangako, na pinili sa lahat ng ibang lupain, na inilalaan ng Panginoong Diyos para sa mabubuting tao.

8 At siya ay nanumpa sa kanyang kapootan sa kapatid ni Jared, na sinuman ang mag-aangkin sa lupang pangakong ito, mula sa panahong yaon at magpakailanman, ay dapat [a]magsilbi sa kanya, ang tunay at tanging Diyos, o sila ay [b]lilipulin kapag ang kaganapan ng kanyang kapootan ay sasapit sa kanila.

9 At ngayon, namamasdan natin ang utos ng Diyos hinggil sa lupaing ito, na ito ay lupang pangako; at anumang bansa ang mag-aangkin nito ay magsisilbi sa Diyos, o sila ay lilipulin kapag ang kaganapan ng kanyang kapootan ay sasapit sa kanila. At ang kaganapan ng kanyang kapootan ay sasapit sa kanila kapag nahinog na sila sa kasamaan.

10 Sapagkat masdan, ito ay lupaing pinili sa lahat ng ibang lupain; kaya nga, siya na mag-aangkin nito ay magsisilbi sa Diyos o malilipol; sapagkat ito ang walang hanggang utos ng Diyos. At tanging sa [a]ganap na kasamaan lamang ng mga anak ng lupain, kung kaya't sila ay [b]lilipulin.

11 At makararating ito sa inyo, O kayong mga [a]Gentil, upang malaman ninyo ang mga utos ng Diyos—upang kayo ay makapagsisi, at huwag magpatuloy sa inyong mga kasamaan hanggang sa ang kaganapan ay dumating, upang hindi ninyo dalhin ang kaganapan ng kapootan ng Diyos sa inyong sarili tulad ng nagawa noon ng mga nanirahan sa lupain.

12 Masdan, ito ay piling lupain, at anumang bansa ang mag-aangkin nito ay magiging [a]malaya mula sa pagkaalipin, at sa pagkabihag, at sa lahat ng ibang bansa sa silong ng

4*a* Blg. 11:25; D at T 34:7–9; JS—K 1:68.
5*a* Ex. 13:21–22.
7*a* 1 Ne. 4:14. GBK Lupang Pangako.
8*a* Eter 13:2.
*b* Jar. 1:3, 10; Alma 37:28; Eter 9:20.
10*a* 2 Ne. 28:16.
*b* 1 Ne. 17:37–38.
11*a* 2 Ne. 28:32.
12*a* GBK Malaya, Kalayaan.

langit, kung [b]pagsisilbihan lamang nila ang Diyos ng lupain, na si Jesucristo, na siyang ipinakikilala ng mga bagay na isinulat namin.

13 At ngayon, ako ay magpapatuloy sa aking talaan; sapagkat masdan, ito ay nangyari na, na dinala ng Panginoon si Jared at ang kanyang mga kapatid maging hanggang sa malawak na dagat na yaon na naghahati sa mga lupain. At nang makarating na sila sa dagat ay itinayo nila ang kanilang mga tolda; at tinawag nila ang pangalan ng lugar na Moriancumer; at sila ay nanirahan sa mga tolda, at nanirahan sa mga tolda sa may dalampasigan sa loob ng apat na taon.

14 At ito ay nangyari na, na sa pagtatapos ng apat na taon ay muling dumalaw ang Panginoon sa kapatid ni Jared, at tumayo sa ulap at nakipag-usap sa kanya. At sa loob ng tatlong oras nakipag-usap ang Panginoon sa kapatid ni Jared, at siya ay [a]pinagsabihan dahil sa hindi niya naalaalang [b]manawagan sa pangalan ng Panginoon.

15 At ang kapatid ni Jared ay nagsisi sa kasamaang nagawa niya, at nanawagan sa pangalan ng Panginoon para sa kanyang mga kapatid na kasama niya. At sinabi ng Panginoon sa kanya: Patatawarin kita at ang iyong mga kapatid sa kanilang mga kasalanan; subalit hindi ka na magkakasalang muli, sapagkat tandaan mo na ang aking [a]Espiritu ay hindi laging [b]kasama ng tao; anupa't kung magkakasala ka hanggang sa ganap ka nang mahinog ay mawawalay ka mula sa harapan ng Panginoon. At ito ang aking mga nasasaisip sa lupaing ibibigay ko sa inyo bilang inyong mana; sapagkat ito ay magiging lupaing [c]pinili sa lahat ng ibang lupain.

16 At sinabi ng Panginoon: Humayo't gumawa at magtayo, alinsunod sa uri ng mga gabara na inyong nagawa na. At ito ay nangyari na, na ang kapatid ni Jared ay humayo't gumawa, at gayon din ang kanyang mga kapatid, at gumawa ng mga gabara alinsunod sa uri na kanilang nagawa na, alinsunod sa mga [a]tagubilin ng Panginoon. At ang mga ito ay maliliit, at ang mga ito ay magagaan sa tubig, maging tulad ng gaan ng isang ibon sa tubig.

17 At ang mga ito ay ginawa alinsunod sa uri na labis na [a]mahigpit, maging sa ang mga ito ay makalalaman ng tubig tulad ng isang pinggan; at ang ilalim niyon ay mahigpit tulad ng isang pinggan; at ang gilid niyon ay mahigpit tulad ng isang pinggan; at ang mga dulo niyon ay patulis; at ang ibabaw niyon ay mahigpit tulad ng isang pinggan; at ang haba niyon ay ang haba ng isang punungkahoy; at ang pintuan niyon, ka-

12*b* Is. 60:12.
14*a* GBK Parusa, Pagpaparusa.
*b* GBK Panalangin.
15*a* Eter 15:19.
*b* Gen. 6:3; 2 Ne. 26:11; Morm. 5:16.
*c* Eter 9:20.
16*a* 1 Ne. 17:50–51.
17*a* Eter 6:7.

pag ito ay nakasara, ay mahig-
pit tulad ng isang pinggan.
18 At ito ay nangyari na, na
ang kapatid ni Jared ay nagsu-
mamo sa Panginoon, sinasa-
bing: O Panginoon, nagawa ko
na ang gawaing iniutos ninyo
sa akin, at nagawa ko na ang
mga gabara alinsunod sa tagu-
bilin ninyo sa akin.
19 At masdan, O Panginoon,
sa loob nito ay walang liwa-
nag; paano kami mapapatnu-
bayan? At kami ay masasawi
rin, sapagkat sa loob nito ay
hindi kami makahihinga, mali-
ban lamang sa hangin na nasa
loob nito; anupa't kami ay ma-
sasawi.
20 At sinabi ng Panginoon
sa kapatid ni Jared: Masdan,
gagawa ka ng butas sa ibabaw,
at gayon din sa ilalim; at kapag
nangangailangan kayo ng ha-
ngin ay aalisin ninyo ang takip
ng butas at makatatanggap ng
hangin. At kung sakaling ma-
kapasok ang tubig sa inyo, mas-
dan, tatakpan ninyo ang butas,
upang hindi kayo mamatay sa
baha.
21 At ito ay nangyari na, na
ginawa nga ito ng kapatid ni
Jared, alinsunod sa ipinag-utos
ng Panginoon.
22 At siya ay muling nagsuma-
mo sa Panginoon, sinasabing:
O Panginoon, masdan ginawa
ko maging ang iniutos ninyo sa
akin; at inihanda ko ang mga
sasakyang-dagat para sa aking
mga tao, at masdan walang li-
wanag sa loob nito. Masdan,
O Panginoon, pahihintulutan
ba ninyong tawirin namin ang
malawak na tubig na ito sa ka-
diliman?
23 At sinabi ng Panginoon sa
kapatid ni Jared: Ano ang nais
mong gawin ko upang mag-
karoon ng liwanag sa inyong
mga sasakyang-dagat? Sapag-
kat masdan, hindi kayo maa-
aring maglagay ng mga bintana,
sapagkat ang mga ito ay madu-
durog nang pira-piraso; ni hindi
kayo maaaring magpaningas ng
apoy, sapagkat hindi kayo haha-
yo sa pamamagitan ng liwanag
ng apoy.
24 Sapagkat masdan, kayo
ay matutulad sa balyena sa
gitna ng dagat; sapagkat ang
mga malabundok na alon ay
hahampas sa inyo. Gayon pa
man, muli ko kayong ilalabas
mula sa kailaliman ng dagat;
sapagkat ang mga [a]hangin ay
nanggagaling mula sa aking bi-
big, at gayon din ang mga [b]ulan
at ang mga baha ay aking ipi-
nadala.
25 At masdan, inihahanda ko
kayo laban sa mga bagay na ito;
sapagkat hindi kayo maaaring
tumawid sa malawak na kaila-
limang ito maliban lamang
kung ihahanda ko kayo laban
sa mga alon ng dagat, at sa mga
hanging umiihip, at sa mga ba-
hang darating. Kaya nga ano
ang nais mong ihanda ko para
sa inyo upang kayo ay magka-
roon ng liwanag kapag nilulon
na kayo sa mga kailaliman ng
dagat?

24*a* Eter 6:5. *b* Awit 148:8.

## KABANATA 3

*Nakita ng kapatid ni Jared ang daliri ng Panginoon habang hinihipo niya ang labing-anim na bato—Ipinakita ni Cristo ang kanyang katawang espiritu sa kapatid ni Jared—Ang mga yaong may ganap na kaalaman ay hindi maaaring pigilan sa loob ng tabing—Naglaan ng mga pansalin upang madala ang talaan ng mga Jaredita sa liwanag.*

AT ito ay nangyari na, na ang kapatid ni Jared, (ngayon, ang bilang ng mga sasakyang-dagat na inihanda ay walo) ay humayo sa bundok, na kanilang tinawag na bundok Selem, dahil sa labis na taas nito, at tumunaw mula sa isang malaking bato ng labing-anim na maliliit na bato; at ang mga ito ay mapuputi at malilinaw, maging tulad ng naninganganinag na salamin; at dinala niya ang mga ito sa kanyang mga kamay sa itaas ng bundok, at muling nagsumamo sa Panginoon, sinasabing:
2 O Panginoon, sinabi ninyong palilibutan kami ng mga baha. Ngayon masdan, O Panginoon, at huwag magalit sa inyong tagapaglingkod dahil sa kanyang kahinaan sa inyong harapan; sapagkat nalalaman namin na kayo ay banal at naninirahan sa kalangitan, at na kami ay di karapat-dapat sa inyong harapan; dahil sa [a]pagkahulog ng aming [b]katauhan ay naging patuloy na masama; gayon pa man, O Panginoon, binigyan ninyo kami ng kautusan na kinakailangan kaming manawagan sa inyo, upang mula sa inyo ay makatanggap kami alinsunod sa aming mga naisin.
3 Masdan, O Panginoon, pinarusahan ninyo kami dahil sa aming kasamaan, at itinaboy kami, at sa loob ng maraming taong ito kami ay nasa ilang; gayon pa man, naging [a]maawain kayo sa amin. O Panginoon, masdan ninyo ako nang may habag, at alisin ninyo ang inyong galit mula sa mga tao ninyong ito, at huwag pahintulutang humayo sila sa nagngangalit na kailaliman sa kadiliman; kundi masdan ang mga bagay na ito na aking tinunaw mula sa malaking bato.
4 At nalalaman ko, O Panginoon, na taglay ninyo ang lahat ng [a]kapangyarihan, at magagawa ang anumang naisin ninyo para sa kapakanan ng tao; kaya nga hipuin ninyo ang mga batong ito, O Panginoon, ng inyong daliri, at ihanda ang mga ito upang ang mga ito ay kuminang sa kadiliman; at ang mga ito ay magbibigay-liwanag sa amin sa mga sasakyang-dagat na inihanda namin, upang kami ay magkaroon ng liwanag habang tumatawid kami sa dagat.
5 Masdan, O Panginoon, magagawa ninyo ito. Nalalaman namin na kayo ay may kakayahang magpakita ng dakilang kapangyarihan, na [a]tila maliit sa pang-unawa ng tao.

**3** 2*a* GBK Pagkahulog nina Adan at Eva.
*b* Mos. 3:19.
3*a* Eter 1:34–43.
4*a* GBK Kapangyarihan.
5*a* Is. 55:8–9; 1 Ne. 16:29.

6 At ito ay nangyari na, nang
sabihin ng kapatid ni Jared ang
mga salitang ito, masdan, iniu-
nat ng [a]Panginoon ang kan-
yang kamay at hinipo ang mga
bato nang isa-isa ng kanyang
daliri. At ang [b]tabing ay naalis
sa mga mata ng kapatid ni
Jared, at nakita niya ang daliri
ng Panginoon; at ito ay tulad
ng daliri ng tao, tulad ng laman
at dugo; at ang kapatid ni Jared
ay nagpatirapa sa harapan ng
Panginoon, sapagkat labis si-
yang natakot.
7 At nakita ng Panginoon na
ang kapatid ni Jared ay nagpa-
tirapa sa lupa; at sinabi ng Pa-
nginoon sa kanya: Bumangon,
bakit ka nagpatirapa?
8 At sinabi niya sa Panginoon:
Nakita ko ang daliri ng Pa-
nginoon, at ako ay natatakot na
baka parusahan niya ako; sa-
pagkat hindi ko alam na ang Pa-
nginoon ay may laman at dugo.
9 At sinabi ng Panginoon sa
kanya: Dahil sa iyong pana-
nampalataya ay nakita mong
magkakaroon ako ng [a]laman at
dugo; at kailanman ay hindi pa
lumalapit ang tao sa akin nang
may labis na pananampalataya
tulad ng mayroon ka; sapag-
kat kung hindi dahil dito ay
hindi mo sana nakita ang aking
daliri. Nakakita ka ba ng higit
pa rito?
10 At tumugon siya: Hindi;
Panginoon, ipakita ninyo ang
inyong sarili sa akin.
11 At sinabi ng Panginoon sa
kanya: Maniniwala ka ba sa mga
salitang sasabihin ko sa iyo?
12 At tumugon siya: Oo, Pa-
nginoon, nalalaman ko na nag-
sasabi kayo ng totoo, sapagkat
kayo ay Diyos ng katotoha-
nan, at [a]hindi maaaring magsi-
nungaling.
13 At nang sabihin niya ang
mga salitang ito, masdan, [a]ipi-
nakita ng Panginoon ang kan-
yang sarili sa kanya, at sinabi:
[b]Dahil sa nalalaman mo ang
mga bagay na ito ay natubos ka
na sa pagkahulog; anupa't nai-
balik ka sa aking harapan; kaya
nga [c]ipinakikita ko ang aking
sarili sa iyo.
14 Masdan, ako ang siyang
inihanda mula pa sa pagkakata-
tag ng daigdig upang [a]tubusin
ang aking mga tao. Masdan, ako
si Jesucristo. Ako ang [b]Ama at
ang Anak. Sa akin ang buong
sangkatauhan ay magkakaroon
ng [c]buhay, at yaong walang
hanggan, maging sila na mani-
niwala sa aking pangalan; at sila
ay magiging aking mga [d]anak
na lalaki't babae.
15 At kailanma'y hindi ko pa
ipinakita ang aking sarili sa ta-
ong aking nilikha, sapagkat ka-
ilanma'y hindi pa [a]naniwala ang
tao sa akin na tulad mo. Nakiki-
ta mo bang nilikha ka alinsunod

6*a* GBK Jesucristo.
*b* Eter 12:19, 21.
9*a* GBK Laman; Jesucristo; Tiyak na Pagkamatay, May Kamatayan.
12*a* Heb. 6:18.
13*a* D at T 67:10–11.
*b* Enos 1:6–8.
*c* GBK Jesucristo—Si Cristo bago pa naging mortal.
14*a* GBK Tubos, Tinubos, Pagtubos; Manunubos.
*b* Mos. 15:1–4.
*c* Mos. 16:9.
*d* GBK Anak na Lalaki at Babae ng Diyos, Mga.
15*a* GBK Paniniwala, Maniwala.

sa aking sariling [b]wangis? Oo,
maging ang lahat ng tao ay ni-
likha noong simula alinsunod
sa aking sariling wangis.
16 Masdan, ang katawang ito,
na iyong namamasdan ngayon,
ang katawan ng aking [a]espiri-
tu; at ang tao ay nilikha ko alin-
sunod sa katawan ng aking es-
piritu; at maging tulad ng pag-
papakita ko sa iyo sa espiritu
ay magpapakita rin ako sa aking
mga tao sa laman.
17 At ngayon, ako, si Moroni,
tulad ng aking sinabi, ay hindi
makagagawa ng buong ulat ng
mga bagay na ito na nasusulat,
anupa't sapat na sa akin ang sa-
bihing ipinakita ni Jesus ang
kanyang sarili sa taong ito sa es-
piritu, maging alinsunod sa uri
at sa pagkakatulad ng yaon ding
katawan nang [a]ipakita niya ang
kanyang sarili sa mga Nephita.
18 At siya ay naglingkod sa
kanya maging tulad ng pagli-
lingkod niya sa mga Nephita;
at lahat ng ito, upang malaman
ng taong ito na siya ang Diyos,
dahil sa maraming dakilang ga-
waing ipinakita ng Panginoon
sa kanya.
19 At dahil sa kaalaman ng ta-
ong ito ay hindi siya maaaring
pagbawalang makakita sa loob
ng [a]tabing; at nakita niya ang
daliri ni Jesus, na, nang makita
niya, siya ay napatirapa sa takot;
sapagkat nalalaman niya na ito
ang daliri ng Panginoon; at hin-
di na siya nagkaroon pa ng pa-
nanampalataya, sapagkat nala-
laman niya, nang walang pag-
aalinlangan.
20 Dahil dito, nagtataglay ng
ganap na kaalaman ng Diyos,
[a]hindi siya maaaring pagbawa-
lan sa loob ng tabing; kaya nga
nakita niya si Jesus; at siya ay
naglingkod sa kanya.
21 At ito ay nangyari na, na si-
nabi ng Panginoon sa kapatid
ni Jared: Masdan, huwag mong
pahihintulutan na ang mga ba-
gay na ito na iyong nakita at
narinig ay kumalat sa sanlibu-
tan, hanggang sa dumating ang
[a]panahong dadakilain ko ang
aking pangalan sa laman; kaya
nga, paka-iingatan mo ang mga
bagay na iyong nakita at nari-
nig, at hindi mo ito ipakikita sa
kanino man.
22 At masdan, kapag makiki-
pagtagpo ka sa akin, isusulat mo
ang mga ito at tatatakan sila,
upang walang sinumang maka-
pagpaliwanag sa mga ito; sa-
pagkat isusulat mo ang mga ito
sa isang wikang hindi ito ma-
babasa.
23 At masdan, ang [a]dalawang
batong ito ay ibibigay ko sa iyo,
at tatatakan mo rin ang mga ito
kasama ng mga bagay na iyong
isusulat.
24 Sapagkat masdan, ang wi-
kang iyong isusulat ay nilito
ko; anupa't papangyarihin ko
sa aking sariling takdang pana-
hon na ang mga batong ito ay
liliwanagin sa mga mata ng tao

15*b* Gen. 1:26–27; Mos. 7:27; D at T 20:17–18.
16*a* GBK Espiritu.
17*a* 3 Ne. 11:8–10.
19*a* GBK Tabing.
20*a* Eter 12:19–21.
21*a* Eter 4:1.
23*a* GBK Urim at Tummim.

ang mga bagay na ito na iyong isusulat.
25 At nang sabihin ng Panginoon ang mga salitang ito, ipinakita niya sa kapatid ni Jared ang [a]lahat ng nanirahan sa mundo noon, at gayon din ang lahat ng maninirahan pa; at hindi niya sila ipinagkait sa kanyang paningin, maging sa mga dulo ng mundo.
26 Sapagkat sinabi niya sa kanya sa mga panahong lumipas, na [a]kung siya ay [b]maniniwala sa kanya na maipakikita niya sa kanya ang [c]lahat ng bagay—ito ay ipakikita sa kanya; anupa't ang Panginoon ay hindi makapagkakait ng anumang bagay sa kanya, sapagkat nalalaman niyang maipakikita ng Panginoon sa kanya ang lahat ng bagay.
27 At sinabi ng Panginoon sa kanya: Isulat mo ang mga bagay na ito at [a]tatakan ang mga ito; at ipahahayag ko ang mga ito sa aking sariling takdang panahon sa mga anak ng tao.
28 At ito ay nangyari na, na inutusan siya ng Panginoon na tatakan niya ang dalawang [a]bato na kanyang natanggap, at huwag itong ipakikita, hanggang sa ipakita ito ng Panginoon sa mga anak ng tao.

## KABANATA 4

*Si Moroni ay inutusang tatakan ang mga sulat ng kapatid ni Jared—Hindi ito ipahahayag hanggang sa ang mga tao ay magkaroon ng pananampalataya maging tulad ng sa kapatid ni Jared—Inutusan ni Cristo ang mga tao na maniwala sa mga salita niya at sa yaong kanyang mga disipulo—Ang mga tao ay inutusang magsisi, maniwala sa ebanghelyo, at maliligtas.*

AT inutusan ng Panginoon ang kapatid ni Jared na bumaba sa bundok mula sa harapan ng Panginoon, at [a]isulat ang mga bagay na kanyang nakita; at ang mga ito ay ipinagbawal na makarating sa mga anak ng tao [b]hanggang sa matapos siyang ipako sa krus; at sa dahilang ito itinago ang mga ito ni haring Mosias, upang hindi ito makarating sa sanlibutan hanggang sa matapos ipakita ni Cristo ang kanyang sarili sa kanyang mga tao.
2 At matapos na ipinakitang tunay ni Cristo ang kanyang sarili sa kanyang mga tao ay iniutos niya na ang mga ito ay ipaalam.
3 At ngayon, matapos yaon, nanghina silang lahat sa kawalang-paniniwala; at wala nang iba maliban sa mga Lamanita, at tinanggihan nila ang ebanghelyo ni Cristo; kaya nga inutusan ako na muli ko itong [a]itago sa lupa.
4 Masdan, isinulat ko sa mga laminang ito ang yaon ding mga

25*a* Moi. 1:8.
26*a* Eter 3:11–13.
*b* GBK Paniniwala, Maniwala.
*c* Eter 4:4.
27*a* 2 Ne. 27:6–8.
28*a* D at T 17:1.
**4** 1*a* Eter 12:24.
GBK Banal na Kasulatan, Mga.
*b* Eter 3:21.
3*a* Morm. 8:14.

bagay na nakita ng kapatid ni Jared; at wala nang mas hihigit pa sa mga bagay na ipinaalam kaysa sa mga yaong ipinaalam sa kapatid ni Jared.

5 Anupa't inutusan ako ng Panginoon na isulat ang mga ito; at isinulat ko ang mga ito. At inutusan niya ako na [a]tatakan ko ito; at iniutos din niyang tatakan ko ang mga [b]pansalin nito; kaya nga tinatakan ko ang mga pansalin, alinsunod sa kautusan ng Panginoon.

6 Sapagkat sinabi ng Panginoon sa akin: Hindi ipahahayag ang mga ito sa mga Gentil hanggang sa sumapit ang araw na sila ay magsisi ng kanilang kasamaan, at maging malinis sa harapan ng Panginoon.

7 At sa araw na yaon na sila ay mananampalataya sa akin, wika ng Panginoon, maging tulad ng kapatid ni Jared, upang sila ay [a]mapabanal sa akin, pagkatapos ipaaalam ko sa kanila ang mga bagay na nakita ng kapatid ni Jared, maging hanggang sa paglalahad sa kanila ng lahat ng aking paghahayag, wika ni Jesucristo, na Anak ng Diyos, ang [b]Ama ng kalangitan at ng lupa, at ang lahat ng bagay na naroroon.

8 At siya na [a]kakalaban sa salita ng Panginoon, sumpain siya; at siya na [b]itatanggi ang mga bagay na ito, sumpain siya; sapagkat sa kanila ay [c]hindi ako magpapahayag ng higit pang mga bagay, wika ni Jesucristo; sapagkat ako ang siyang nagsasabi.

9 At sa aking utos ang kalangitan ay bumubukas at [a]sumasara; at sa aking salita ang [b]lupa ay mayayanig; at sa aking utos ang mga naninirahan doon ay lilipas, maging sa pamamagitan ng apoy.

10 At siya na hindi maniniwala sa aking mga salita ay hindi naniniwala sa aking mga disipulo; at kung sakali man na hindi ako nagsalita, hatulan ninyo; sapagkat malalaman ninyo na ako ang siyang nagsasalita, sa [a]huling araw.

11 Subalit siya na [a]naniniwala sa mga bagay na ito na aking sinabi, siya ay dadalawin ko ng mga pagpapahayag ng aking Espiritu, at malalaman niya at magpapatotoo. Sapagkat dahil sa aking Espiritu ay [b]malalaman niya na [c]totoo ang mga bagay na ito; sapagkat hinihikayat nito ang tao na gumawa ng kabutihan.

12 At anumang bagay na humihikayat sa tao na gumawa ng kabutihan ay sa akin; sapagkat wala nang ibang pinanggagalingan ang [a]kabutihan maliban sa akin. Ako ang siya ring umaakay sa mga tao sa lahat ng

5*a* Eter 5:1.
*b* D at T 17:1; JS—K 1:52. GBK Urim at Tummim.
7*a* GBK Pagpapabanal.
*b* Mos. 3:8.
8*a* 3 Ne. 29:5–6; Morm. 8:17.
*b* 2 Ne. 27:14; 28:29–30.
*c* Alma 12:10–11; 3 Ne. 26:9–10.
9*a* 1 Hari 8:35; D at T 77:8.
*b* Hel. 12:8–18; Morm. 5:23.
10*a* 2 Ne. 33:10–15.
11*a* D at T 5:16.
*b* GBK Patotoo.
*c* Eter 5:3–4; Moro. 10:4–5.
12*a* Alma 5:40; Moro. 7:16–17.

kabutihan; siya na [b]hindi maniniwala sa aking mga salita ay hindi maniniwala sa akin—na ako nga; at siya na hindi maniniwala sa akin ay hindi maniniwala sa Ama na siyang nagsugo sa akin. Sapagkat masdan, ako ang Ama, ako ang [c]ilaw, at ang [d]buhay, at ang katotohanan ng daigdig.

13 [a]Magsilapit kayo sa akin, O kayong mga Gentil, at ipahahayag ko sa inyo ang higit pang mahahalagang bagay, ang kaalamang natatago dahil sa kawalang-paniniwala.

14 Magsilapit kayo sa akin, O kayong sambahayan ni Israel, at [a]ipaaalam sa inyo kung gaano kadakila ang mga bagay na inilaan ng Ama para sa inyo, mula pa sa pagkakatatag ng daigdig; at hindi ito nakarating sa inyo, dahil sa kawalang-paniniwala.

15 Masdan, kapag inyong pupunitin ang tabing na yaon ng kawalang-paniniwala na siyang dahilan ng inyong pananatili sa inyong kakila-kilabot na kalagayan ng kasamaan, at katigasan ng puso, at kabulagan ng pagiisip, pagkatapos ang mga dakila at kagila-gilalas na bagay na [a]natatago mula pa sa pagkakatatag ng daigdig mula sa inyo—oo, kapag kayo ay mananawagan sa Ama sa aking pangalan, nang may bagbag na puso't nagsisising espiritu, doon ninyo malalaman na natatandaan ng Ama ang tipang kanyang ginawa sa inyong mga ama, O sambahayan ni Israel.

16 At doon ilalantad sa mga mata ng lahat ng tao ang aking mga [a]paghahayag na itinulot kong isulat ng aking tagapaglingkod na si Juan. Tandaan, kapag nakita ninyo ang mga bagay na ito, malalaman ninyo na nalalapit na ang panahon na ang mga ito ay ipaaalam sa bawat gawa.

17 Kaya nga, [a]kapag natanggap na ninyo ang talaang ito ay malalaman ninyo na ang gawain ng Ama ay nagsimula na sa ibabaw ng buong lupain.

18 Kaya nga, [a]magsisisi lahat kayong nasa mga dulo ng mundo, at magsilapit sa akin, at maniwala sa aking ebanghelyo, at [b]magpabinyag sa aking pangalan; sapagkat siya na naniniwala at nagpabinyag ay maliligtas; subalit siya na hindi naniniwala ay mapapahamak; at mga [c]palatandaan ang susunod sa kanila na naniniwala sa aking pangalan.

19 At pinagpala siya na matatagpuang [a]tapat sa aking pangalan sa huling araw, sapag-

12*b* 3 Ne. 28:34.
*c* GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo.
*d* Juan 8:12; Alma 38:9.
13*a* 3 Ne. 12:2–3.
14*a* D at T 121:26–29.
15*a* 2 Ne. 27:10.
16*a* Apoc. 1:1; 1 Ne. 14:18–27.
17*a* 3 Ne. 21:1–9, 28.
18*a* 3 Ne. 27:20; Moro. 7:34.
*b* Juan 3:3–5. GBK Pagbibinyag, Binyagan—Kinakailangan.
*c* GBK Kaloob ng Espiritu, Mga.
19*a* Mos. 2:41; D at T 6:13. GBK Jesucristo—Taglayin ang pangalan ni Jesucristo sa atin.

kat siya ay dadakilain upang manirahan sa kahariang inihanda para sa kanya [b]mula pa sa pagkakatatag ng daigdig. At masdan ako ang siyang nagsabi nito. Amen.

## KABANATA 5

*Tatlong saksi at ang gawain na rin ang tatayong patotoo sa katotohanan ng Aklat ni Mormon.*

AT ngayon ako, si Moroni, ay isinulat ang mga salitang iniutos sa akin, alinsunod sa aking alaala; at sinabi ko sa inyo ang mga bagay na aking [a]tinatakan; kaya nga huwag galawin ang mga ito upang maisalin ninyo; sapagkat ang bagay na yaon ay ipinagbabawal sa inyo, maliban sa di maglalaon ay karunungan sa Diyos.
2 At masdan, maaari kang pahintulutan na ipakita mo ang mga lamina sa mga [a]yaong makatutulong na maisakatuparan ang gawaing ito;
3 At sa [a]tatlo ang mga ito ay ipakikita sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos; anupa't [b]malalaman nila nang may katiyakan na ang mga bagay na ito ay [c]totoo.
4 At sa bibig ng tatlong [a]saksi ang mga bagay na ito ay mapagtitibay; at ang patotoo ng tatlo, at ang gawaing ito, kung saan maipakikita ang kapangyarihan ng Diyos at gayon din ang kanyang salita, kung saan ang Ama, at ang Anak, at ang Espiritu Santo ay nagpapatotoo—at ang lahat ng ito ay tatayong isang patotoo laban sa sanlibutan sa huling araw.
5 At kung sakali mang sila ay magsisisi at [a]lumapit sa Ama sa pangalan ni Jesus, sila ay tatanggapin sa kaharian ng Diyos.
6 At ngayon, kung wala akong karapatan sa mga bagay na ito, hatulan ninyo; sapagkat malalaman ninyo na ako ay may karapatan kapag nakita ninyo ako, at tayo ay tatayo sa harapan ng Diyos sa huling araw. Amen.

## KABANATA 6

*Ang mga gabara ng mga Jaredita ay itinaboy ng mga hangin sa lupang pangako—Pinapurihan ng mga tao ang Panginoon dahil sa kanyang kabutihan—Si Orihas ay hinirang na hari sa kanila—Si Jared at ang kanyang kapatid ay namatay.*

AT ngayon ako, si Moroni, ay magpapatuloy sa pagbibigay ng talaan ni Jared at ng kanyang kapatid.
2 Sapagkat ito ay nangyari na, matapos ihanda ng Panginoon

19*b* 2 Ne. 9:18.
**5** 1*a* 2 Ne. 27:7–8, 21; Eter 4:4–7.
2*a* 2 Ne. 27:12–14; D at T 5:9–15.
3*a* 2 Ne. 11:3; 27:12.
*b* D at T 5:25.
*c* Eter 4:11.
4*a* Tingnan ang panimulang bahagi ng D at T 17 at talata 1–3; tingnan din sa Ang Patotoo ng Tatlong Saksi sa pambungad na pahina ng Aklat ni Mormon.
5*a* Morm. 9:27; Moro. 10:30–32.

ang mga [a]batong dinala ng ka-
patid ni Jared sa bundok, ang
kapatid ni Jared ay bumaba sa
bundok, at inilagay niya ang
mga bato sa mga sasakyang-
dagat na inihanda, isa sa bawat
dulo niyon; at masdan, ang mga
ito ay nagbigay-liwanag sa mga
sasakyang-dagat.
3 At sa gayon pinapangyari
ng Panginoon na kuminang ang
mga bato sa kadiliman, upang
magbigay-liwanag sa mga lala-
ki, babae, at bata, upang hindi
nila tawirin ang malawak na
mga tubig sa kadiliman.
4 At ito ay nangyari na, nang
maihanda na nila ang lahat ng
uri ng pagkain, nang sa gayon
sila ay mabuhay sa tubig, at
pagkain din para sa kanilang
mga kawan ng tupa at baka, at
anumang hayop o ibon na ma-
dadala nila—at ito ay nangyari
na, nang matapos na nilang ga-
win ang lahat ng bagay na ito,
sila ay lumulan sa kanilang
mga sasakyang-dagat o gabara,
at nagpalaot sa dagat, ipinag-
kakatiwala ang kanilang sarili
sa Panginoon nilang Diyos.
5 At ito ay nangyari na, na
pinapangyari ng Panginoong
Diyos na magkaroon ng [a]mala-
kas na hangin na iihip sa iba-
baw ng mga tubig, patungo sa
lupang pangako; at sa gayon
sila inanod ng mga alon ng da-
gat ng hangin.
6 At ito ay nangyari na, na sila
ay maraming ulit na nalibing
sa kailaliman ng dagat, dahil sa
mga malabundok na along hu-
mahampas sa kanila, at gayon
din sa malakas at kakila-kilabot
na bagyong ibinunga ng kalaka-
san ng hangin.
7 At ito ay nangyari na, na ka-
pag sila ay nalilibing sa kailali-
man ay walang tubig na maka-
pipinsala sa kanila, ang kani-
lang sasakyang-dagat ay [a]ma-
higpit tulad ng isang pinggan,
at mahigpit din ito tulad ng [b]arko
ni Noe; anupa't kapag napa-
lilibutan ito ng maraming tubig
sila ay nagsusumamo sa Pa-
nginoon, at ibinabalik niya itong
muli sa ibabaw ng mga tubig.
8 At ito ay nangyari na, na ang
hangin ay hindi tumigil sa pag-
ihip patungo sa lupang panga-
ko habang sila ay nasa mga tu-
big; at sa gayon sila itinaboy ng
hangin.
9 At sila ay [a]nagsiawit ng mga
papuri sa Panginoon; oo, ang
kapatid ni Jared ay umawit ng
mga papuri sa Panginoon, at
[b]pinasalamatan niya at pinapu-
rihan ang Panginoon sa buong
maghapon; at nang sumapit ang
gabi, hindi sila tumigil sa pag-
puri sa Panginoon.
10 At sa gayon sila naanod; at
walang halimaw ng dagat ang
makawawasak sa kanila, ni bal-
yena na makapipinsala sa kani-
la; at sila ay patuloy na nagkaro-
on ng liwanag, maging ito man
ay nasa ibabaw ng tubig o sa ila-
lim ng tubig.

**6** 2*a* Eter 3:3–6.
5*a* Eter 2:24–25.
7*a* Eter 2:17.
*b* Gen. 6:14; Moi. 7:43.
9*a* GBK Awitin.
*b* 1 Cron. 16:7–9; Alma 37:37; D at T 46:32.

11 At sa gayon sila naanod, tatlong daan at apatnapu at apat na araw sa tubig.

12 At sila ay dumaong sa dalampasigan ng lupang pangako. At nang iyapak nila ang kanilang mga paa sa dalampasigan ng lupang pangako ay iniyukod nila ang kanilang sarili sa ibabaw ng lupain, at nagpakumbaba ng kanilang sarili sa harapan ng Panginoon, at napaluha sa kagalakan sa harapan ng Panginoon, dahil sa nag-uumapaw niyang awa sa kanila.

13 At ito ay nangyari na, na sila ay humayo sa ibabaw ng lupain, at nagsimulang bungkalin ang lupain.

14 At si Jared ay may apat na anak na lalaki; at sila ay tinawag na Jacom, at Gilgas, at Mahas, at Orihas.

15 At ang kapatid ni Jared ay nagkaroon din ng mga anak na lalaki't babae.

16 At ang mga [a]kaibigan ni Jared at ng kanyang kapatid ay may bilang na mga dalawampu at dalawang katao; at sila ay nagkaroon din ng mga anak na lalaki't babae bago sila nakarating sa lupang pangako; anupa't sila ay nagsimulang dumami.

17 At sila ay tinuruang [a]lumakad nang mapagkumbaba sa harapan ng Panginoon; at [b]tinuruan din sila ng nasa itaas.

18 At ito ay nangyari na, na sila ay nagsimulang kumalat sa ibabaw ng lupain, at dumami at nagbungkal ng lupa; at sila ay naging makapangyarihan sa lupain.

19 At ang kapatid ni Jared ay nagsimulang tumanda, at natantong malapit na siyang bumaba sa libingan; kaya nga, sinabi niya kay Jared: Sama-sama nating tipunin ang ating mga tao upang mabilang natin sila, upang malaman natin sa kanila kung ano ang kanilang hihilingin sa atin bago tayo bumaba sa ating mga libingan.

20 At alinsunod dito ang mga tao ay sama-samang tinipon. Ngayon, ang bilang ng mga anak na lalaki't babae ng kapatid ni Jared ay dalawampu at dalawang katao; at ang bilang ng mga anak na lalaki't babae ni Jared ay labindalawa, siya na may apat na anak na lalaki.

21 At ito ay nangyari na, na binilang nila ang kanilang mga tao; at matapos nilang bilangin sila, itinanong nila sa kanila ang mga bagay na nais nila na kanilang gawin bago sila bumaba sa kanilang mga libingan.

22 At ito ay nangyari na, na hiniling ng mga tao sa kanila na sila ay [a]maghirang ng isa sa mga anak nilang lalaki na maging hari nila.

23 At ngayon masdan, ito ay nakapagpadalamhati sa kanila. At sinabi ng kapatid ni Jared sa kanila: Tunay na ang bagay na

16*a* Eter 1:41.
17*a* GBK Lumakad, Lumakad na Kasama ng Diyos.
*b* GBK Paghahayag.
22*a* GBK Pagpapahid ng Langis.

ito ay [a]hahantong sa pagkabi-
hag.
24 Subalit sinabi ni Jared sa
kanyang kapatid: Pahintulutan
mo sila na magkaroon sila ng
hari. At kaya nga sinabi niya sa
kanila: Pumili kayo mula sa
aming mga anak na lalaki ng
isang hari, maging sinuman
ang nais ninyo.
25 At ito ay nangyari na, na
pinili nila maging ang unang
anak na lalaki ng kapatid ni Ja-
red; at ang kanyang pangalan
ay Pagag. At ito ay nangyari
na, na tumanggi siya at ayaw
na maging hari nila. At ninais
ng mga tao na pilitin siya ng
kanyang ama, subalit tumang-
gi ang kanyang ama; at inutu-
san niya sila na hindi sila dapat
mamilit ng sinuman na maging
hari nila.
26 At ito ay nangyari na, na
pinili nila ang lahat ng kapatid
na lalaki ni Pagag, at sila ay tu-
manggi.
27 At ito ay nangyari na, ni
sinuman sa mga anak na lalaki
ni Jared, maging ang lahat ma-
liban sa isa; at si Orihas ay hini-
rang na hari ng mga tao.
28 At siya ay nagsimulang
mamahala, at ang mga tao ay
nagsimulang umunlad; at na-
ging labis silang mayayaman.
29 At ito ay nangyari na, na si
Jared ay namatay, at gayon din
ang kanyang kapatid.
30 At ito ay nangyari na, na
lumakad si Orihas nang ma-
pagkumbaba sa harapan ng Pa-
nginoon, at tinandaan ang mga
dakilang bagay na ginawa ng
Panginoon para sa kanyang
ama, at itinuro rin sa kanyang
mga tao ang mga dakilang ba-
gay na ginawa ng Panginoon
para sa kanilang mga ama.

## KABANATA 7

*Si Orihas ay namahala sa kabutihan—Sa gitna ng pangangamkam at sigalutan, naitayo ang magkalabang kaharian nina Shul at Cohor—Isinumpa ng mga propeta ang kasamaan at pagsamba sa diyus-diyusan ng mga tao, na pagkatapos ay mga nagsipagsisi.*

At ito ay nangyari na, na si Ori-
has ay nagpatupad ng kahatu-
lan sa lupain sa katwiran sa la-
hat ng kanyang mga araw, na
ang mga araw ay lubhang napa-
karami.
2 At siya ay nagkaroon ng
mga anak na lalaki't babae; oo,
siya ay nagkaroon ng tatlumpu
at isa, sa yaon ay dalawampu at
tatlo ang mga lalaki.
3 At ito ay nangyari na, na
isinilang din sa kanya si Kib
sa kanyang katandaan. At ito ay
nangyari na, na si Kib ang na-
mahalang kahalili niya; at isini-
lang kay Kib si Corihor.
4 At nang si Corihor ay tat-
lumpu at dalawang taong gu-
lang na, siya ay naghimagsik
laban sa kanyang ama, at nag-
tungo at nanirahan sa lupain ng
Nehor; at siya ay nagkaroon ng
mga anak na lalaki't babae, at

23*a* 1 Sam. 8:10–18; Mos. 29:16–23.

sila ay naging labis na kaaya-
aya; anupa't si Corihor ay naka-
akit ng maraming tao na sumu-
nod sa kanya.
5 At nang makapangalap siya
ng hukbo siya ay nagtungo sa
lupain ng Moron kung saan na-
ninirahan ang hari, at dinala
siyang bihag, na katuparan ng
[a]sinabi ng kapatid ni Jared na
sila ay madadala sa pagkabihag.
6 Ngayon, ang lupain ng Mo-
ron, kung saan naninirahan ang
hari, ay malapit sa lupaing tina-
tawag na Kapanglawan ng mga
Nephita.
7 At ito ay nangyari na, na si
Kib ay namalagi sa pagkabihag,
at ang kanyang mga tao sa ila-
lim ni Corihor na kanyang anak
na lalaki, hanggang sa siya ay
lubusan nang tumanda; gayon
pa man, isinilang kay Kib si Shul
sa kanyang katandaan, habang
siya ay nasa pagkabihag.
8 At ito ay nangyari na, na si
Shul ay nagalit sa kanyang ka-
patid; at si Shul ay lumaking
malakas, at naging napakalakas
tulad ng lakas ng isang lalaki;
at naging makapangyarihan din
siya sa paghahatol.
9 Samakatwid, siya ay nagtu-
ngo sa burol Ephraim, at tumu-
naw siya mula sa burol, at gu-
mawa siya ng mga espada mula
sa asero para sa mga yaong su-
mama sa kanya; at matapos na
kanyang masandatahan sila ng
mga espada, siya ay bumalik
sa lunsod Nehor, at nakidigma sa
kanyang kapatid na si Corihor,
sa gayong paraan ay nabawi
niya ang kaharian at ibinalik ito
sa kanyang amang si Kib.
10 At ngayon dahil sa bagay
na ginawa ni Shul ay iginawad
ng kanyang ama sa kanya ang
kaharian; anupa't siya ay nag-
simulang mamahala bilang ka-
halili ng kanyang ama.
11 At ito ay nangyari na, na
nagpatupad siya ng kahatulan
sa katwiran; at pinag-ibayo niya
ang kanyang kaharian sa iba-
baw ng buong lupain, sapagkat
ang mga tao ay naging lubhang
napakarami.
12 At ito ay nangyari na, na
nagkaroon din si Shul ng mara-
ming anak na lalaki't babae.
13 At si Corihor ay nagsisi sa
maraming kasamaang kanyang
nagawa; kaya nga, siya ay binig-
yan ni Shul ng kapangyarihan
sa kanyang kaharian.
14 At ito ay nangyari na, na si
Corihor ay nagkaroon ng ma-
raming anak na lalaki't babae.
At sa mga anak na lalaki ni Co-
rihor ay may isa na ang panga-
lan ay Noe.
15 At ito ay nangyari na, na
si Noe ay naghimagsik laban
kay Shul, ang hari, at gayundin
sa kanyang amang si Corihor, at
nahimok si Cohor na kanyang
kapatid, at gayundin ang lahat
ng kanyang kapatid na lalaki at
marami sa mga tao.
16 At siya ay nakidigma kay
Shul, ang hari, kung saan ay
nakuha niya ang lupain ng ka-
nilang unang mana; at siya ay
naging hari sa bahaging yaon
ng lupain.

**7** 5*a* Eter 6:23.

17 At ito ay nangyari na, na siya ay muling nakidigma kay Shul, ang hari; at dinakip niya si Shul, ang hari, at dinala siyang bihag sa Moron.

18 At ito ay nangyari na, nang siya ay ipapapatay na lamang, ang mga anak ni Shul ay palihim na pumasok sa bahay ni Noe sa gabi at pinatay siya, at winasak ang pinto ng bilangguan at inilabas ang kanilang ama, at iniupo siya sa kanyang trono sa kanyang sariling kaharian.

19 Anupa't itinatag ng anak ni Noe ang kanyang kaharian bilang kahalili niya. Gayon pa man sila ay hindi na nagwagi kay Shul, ang hari, at ang mga tao na nasa ilalim ng paghahari ni Shul, ang hari, ay labis na umunlad at naging makapangyarihan.

20 At ang bayan ay nahati; at nagkaroon ng dalawang kaharian, ang kaharian ni Shul, at ang kaharian ni Cohor, na anak ni Noe.

21 At si Cohor, na anak ni Noe, ay inudyukan ang kanyang mga tao na makidigma kay Shul, kung saan sila ay nagapi ni Shul at napatay si Cohor.

22 At ngayon, si Cohor ay may isang anak na lalaki na tinatawag na Nimrod; at isinuko ni Nimrod ang kaharian ni Cohor kay Shul, at nakuha niya ang pagsang-ayon sa paningin ni Shul; anupa't nagbigay ng malalaking kasihan sa kanya si Shul, at ginawa niya sa kaharian ni Shul ang naaayon sa kanyang mga naisin.

23 At sa paghahari rin ni Shul ay nagkaroon ng mga propeta sa mga tao, na isinugo mula sa Panginoon, nagpopropesiya na ang mga kasamaan at [a]pagsamba ng mga tao sa diyus-diyusan ay nagdadala ng sumpa sa lupain, at sila ay malilipol kung hindi sila magsisisi.

24 At ito ay nangyari na, na nilait ng mga tao ang mga propeta, at pinagtawanan sila. At ito ay nangyari na, na nagpatupad ng kahatulan si haring Shul laban sa lahat ng yaong lumalait sa mga propeta.

25 At nagpatupad din ng batas sa buong lupain na nagbigay-kapangyarihan sa mga propeta na maaari silang magtungo kung saan man nila naisin; at dahil dito, ang mga tao ay nadala sa pagsisisi.

26 At dahil ang mga tao ay nagsisi ng kanilang mga kasamaan at pagsamba sa mga diyus-diyusan sila ay pinatawad ng Panginoon, at sila ay nagsimulang umunlad na muli sa lupain. At ito ay nangyari na, na si Shul ay nagkaroon ng mga anak na lalaki't babae sa kanyang katandaan.

27 At hindi na nagkaroon pa ng mga digmaan sa mga araw ni Shul; at naalaala niya ang mga dakilang bagay na ginawa ng Panginoon para sa kanyang mga ama sa pagdadala sa kanila sa [a]pagtawid sa malawak na kailaliman patungo sa lupang pa-

23*a* GBK Pagsamba sa Diyus-diyusan.
27*a* Eter 6:4, 12.

ngako; kaya nga siya ay nagpatupad ng kahatulan sa katwiran sa lahat ng kanyang mga araw.

## KABANATA 8

*Nagkaroon ng sigalutan at alitan sa kaharian—Si Akis ay bumuo ng isang tiyak na pangako ng lihim na pakikipagsabwatan upang patayin ang hari—Ang mga lihim na pakikipagsabwatan ay sa diyablo at humahantong sa pagkawasak ng mga bayan—Ang mga makabagong Gentil ay binalaan laban sa mga lihim na pakikipagsabwatan na maghahangad na lupigin ang kalayaan ng lahat ng lupain, mga bansa at bayan.*

AT ito ay nangyari na, na isinilang sa kanya si Omer, at si Omer ay naghahring kahalili niya. At isinilang kay Omer si Jared; at si Jared ay nagkaroon ng mga anak na lalaki't babae.

2 At si Jared ay naghimagsik laban sa kanyang ama, at nagtungo at nanirahan sa lupain ng Het. At ito ay nangyari na, na nahibok niya ang maraming tao, dahil sa kanyang mga tusong salita, hanggang sa maangkin niya ang kalahati ng kaharian.

3 At nang maangkin na niya ang kalahati ng kaharian siya ay nakidigma sa kanyang ama, at tinangay niya ang kanyang ama sa pagkabihag, at pinagsilbi siya sa pagkabihag;

4 At ngayon, sa mga araw ng paghahari ni Omer ay nasa pagkabihag siya nang kalahati ng kanyang mga araw. At ito ay nangyari na, na siya ay nagkaroon ng mga anak na lalaki't babae, kabilang sa kanila sina Esrom at Coriantumer;

5 At labis silang nagalit dahil sa mga ginagawa ni Jared na kanilang kapatid, hanggang sa sila ay nakapangalap ng isang hukbo at nakidigma kay Jared. At ito ay nangyari na, na sila ay nakidigma sa kanya sa gabi.

6 At ito ay nangyari na, nang mapatay nila ang hukbo ni Jared na papatayin na rin sana nila siya; at siya ay nagmakaawa sa kanila na huwag siyang patayin, at isusuko niya ang kaharian sa kanyang ama. At ito ay nangyari na, na ipinagkaloob nila sa kanya ang kanyang buhay.

7 At ngayon, si Jared ay naging napakalungkot dahil sa pagkawala ng kaharian, sapagkat inilagak niya ang kanyang puso sa kaharian at sa papuri ng daigdig.

8 Ngayon, ang anak na babae ni Jared dahil sa napakatuso, at nakikita ang kalungkutan ng kanyang ama, ay naisipang bumuo ng isang plano upang matubos niya ang kaharian para sa kanyang ama.

9 Ngayon, ang anak na babae ni Jared ay labis na kaaya-aya. At ito ay nangyari na, na siya ay nakipag-usap sa kanyang ama, at sinabi sa kanya: Sa anong dahilan ang aking ama ay labis na nalulungkot? Hindi ba niya nabasa ang talaang dinala ng ating mga ama mula sa kabila ng malawak na kailaliman? Masdan,

hindi ba't may ulat hinggil sa
kanila noong sinauna, na sila sa
pamamagitan ng kanilang mga
[a]lihim na plano ay nakatamo ng
mga kaharian at malaking ka-
bantugan?
10 At ngayon, samakatwid,
ipatawag ng aking ama si Akis,
na anak na lalaki ni Kimnor; at
masdan, ako'y kaaya-aya, at
ako ay [a]magsasayaw sa kan-
yang harapan, at bibigyang-
kasiyahan ko siya, upang nai-
sin niya akong maging asawa;
sa gayon kung hihingin niya
sa inyong ipagkaloob ako sa
kanya na maging asawa, doon
ninyo sasabihin: Ipagkakaloob
ko siya kung dadalhin mo sa
akin ang ulo ng aking ama, ang
hari.
11 At ngayon, si Omer ay isang
kaibigan kay Akis; samakatwid,
nang ipatawag ni Jared si Akis,
na ang anak na babae ni Jared
ay nagsayaw sa kanyang hara-
pan na kanyang nabigyang-ka-
siyahan siya, kung kaya't nina-
is niyang maging asawa siya.
At ito ay nangyari na, na sinabi
niya kay Jared: Ipagkaloob mo
siya sa akin na maging asawa.
12 At sinabi ni Jared sa kan-
ya: Ipagkakaloob ko siya sa iyo,
kung dadalhin mo sa akin ang
ulo ng aking ama, ang hari.
13 At ito ay nangyari na, na
tinipon ni Akis sa tahanan ni
Jared ang lahat ng kanyang ka-
anak, at sinabi sa kanila: Manga-
ngako ba kayo sa akin na magi-
ging tapat kayo sa akin sa bagay
na hihilingin ko sa inyo?
14 At ito ay nangyari na, na si-
lang lahat ay [a]nanumpa sa kan-
ya, sa Diyos ng langit, at gayon
din sa kalangitan, at gayon din
sa lupa, at sa kanilang mga ulo,
na sinuman ang magbabago
mula sa pagtulong na hiniling
ni Akis ay mawawalan ng kan-
yang ulo; at kung sinuman ang
magsisiwalat ng anumang ba-
gay na ipinaalam sa kanila ni
Akis, siya rin ay kikitlan ng kan-
yang buhay.
15 At ito ay nangyari na, na
sa gayon sila sumang-ayon kay
Akis. At inihayag sa kanila ni
Akis ang mga [a]sumpang ibini-
gay sa kanila ng mga yaong si-
nauna na naghangad din ng ka-
pangyarihan, na ipinasa-pasa
maging mula pa kay [b]Cain, na
isang mamamatay-tao mula pa
sa simula.
16 At ang mga ito ay iningatan
ng kapangyarihan ng diyablo
upang ihayag ang mga panga-
kong ito sa mga tao, upang ma-
panatili sila sa kadiliman, upang
tulungan ang mga yaong nag-
hahangad ng kapangyarihan na
makakuha ng kapangyarihan,
at makapaslang, at makadam-
bong, at makapagsinungaling,
at makagawa ng lahat ng uri ng
kasamaan at mga pagpapatutot.
17 At ang anak na babae ni
Jared ang siyang naglagay nito
sa kanyang puso na saliksikin
ang mga bagay na ito noong si-

**8** 9*a* 3 Ne. 6:28; Hel. 6:26–30; Moi. 5:51–52.
10*a* Mar. 6:22–28.
14*a* GBK Lapastangan, Kalapastanganan.
15*a* GBK Sumpa, Mga Sumpa.
*b* Gen. 4:7–8; Moi. 5:28–30.

nauna; at inilagay ito ni Jared sa puso ni Akis; anupa't ipinahayag ito ni Akis sa kanyang mga kaanak at kaibigan, inaakay silang palayo sa pamamagitan ng magagandang pangako upang kanilang gawin ang anumang bagay na naisin niya.
18 At ito ay nangyari na, na sila ay bumuo ng isang lihim na [a]pakikipagsabwatan, maging tulad nila noong sinauna; kung aling pakikipagsabwatan ay pinakakarumal-dumal at pinakamasama sa lahat, sa paningin ng Diyos;
19 Sapagkat ang Panginoon ay hindi gumagawa sa mga lihim na pakikipagsabwatan, ni ang loobin niyang magpadanak ng dugo ang tao, kundi ipinagbabawal ito sa lahat ng bagay, mula pa sa simula ng tao.
20 At ngayon ako, si Moroni, ay hindi isusulat ang pamamaraan ng kanilang mga sumpa at pakikipagsabwatan, sapagkat ipinaalam sa akin na mayroon nito sa lahat ng tao, at mayroon nito sa mga Lamanita.
21 At ang mga ito ang naging dahilan ng [a]pagkalipol ng mga taong ito na kung sino ngayon ay sinasabi ko, at gayon din ng pagkalipol ng mga tao ni Nephi.
22 At anumang bansa ang magtataguyod sa mga gayong lihim na pakikipagsabwatan, upang makakuha ng kapangyarihan at makinabang, hanggang sa lumaganap ang mga ito sa buong bansa, masdan, sila ay malilipol; sapagkat hindi pahihintulutan ng Panginoon na ang [a]dugo ng kanyang mga banal, na padadanakin nila, ay laging dumaing sa kanya mula sa lupa, upang [b]maghiganti laban sa kanila, at gayon man hindi niya ipinaghihiganti sila.
23 Kaya nga, O kayong mga Gentil, karunungan sa Diyos na ang mga bagay na ito ay ipaalam sa inyo, nang sa gayon kayo ay makapagsisi ng inyong mga kasalanan, at huwag pahintulutan ang mga nakamamatay na pakikipagsabwatan ay manaig sa inyo, na itinatag upang makakuha ng [a]kapangyarihan at makinabang—at ang gawain, oo, maging ang gawain ng pagkalipol ay darating sa inyo, oo, maging ang espada ng katarungan ng Diyos na Walang Hanggan ay babagsak sa inyo, tungo sa inyong pagbagsak at pagkalipol kung pahihintulutan ninyong mangyari ang mga bagay na ito.
24 Kaya nga, inuutusan kayo ng Panginoon, na kapag nakita ninyo ang mga bagay na ito na naitatag sa inyo na kayo ay magising sa pang-unawa sa inyong kakila-kilabot na kalagayan, dahil sa mga lihim na pakikipagsabwatang mapapasainyo; o sa aba niyon, dahil sa dugo nila na mga napatay; sapagkat sila ay dumadaing mula sa alabok upang maghiganti rito, at gayon din sa mga yaong nagtatag dito.

18*a* GBK Lihim na Pagsasabwatan, Mga.
21*a* Hel. 6:28.
22*a* Morm. 8:27, 40–41.
*b* GBK Paghihiganti.
23*a* 1 Ne. 22:22–23; Moi. 6:15.

25 Sapagkat ito ay mangyaya-
ri na sinuman ang magtatatag
nito ay naghahangad na ibag-
sak ang [a]kalayaan ng lahat ng
lupain, bansa, at bayan; at pa-
papangyarihin nito ang pagka-
lipol ng lahat ng tao, sapagkat
ito ay itinatag ng diyablo, na
siyang ama ng lahat ng kasi-
nungalingan; maging ang yaon
ding sinungaling na [b]lumin-
lang sa ating mga unang magu-
lang, oo, maging ang yaon ding
sinungaling na siyang naging
sanhi na makagawa ng pagpas-
lang ang mga tao mula pa sa
simula; na siyang nagpatigas
sa mga puso ng mga tao kung
kaya't pinaslang nila ang mga
propeta, at pinagbabato sila,
at itinaboy sila mula pa sa si-
mula.
26 Samakatwid, ako, si Moroni,
ay inutusang isulat ang mga ba-
gay na ito upang ang kasamaan
ay mawakasan, at upang duma-
ting ang panahon na si Satanas
ay [a]mawalan ng kapangyarihan
sa mga puso ng mga anak ng
tao, bagkus ay [b]mahikayat sila
na patuloy na gumawa ng kabu-
tihan, upang sila ay makarating
sa bukal ng lahat ng kabutihan
at maligtas.

## KABANATA 9

*Ang kaharian ay ipinasa-pasa nang sali't salinlahi sa pamamagitan ng paglabag, sabwatan, at pagpaslang —Nakita ni Emer ang Anak ng Kabutihan—Maraming propeta ang nangaral ng pagsisisi—Isang taggutom at mga makamandag na ahas ang naging salot sa mga tao.*

At ngayon ako, si Moroni, ay
magpapatuloy sa aking talaan.
Samakatwid, masdan, ito ay
nangyari na, na dahil sa [a]lihim
na pakikipagsabwatan ni Akis
at ng kanyang mga kaibigan,
masdan, naibagsak nila ang ka-
harian ni Omer.
2 Gayon pa man, ang Pa-
nginoon ay naging maawain
kay Omer, at gayon din sa
kanyang mga anak na lalaki at
sa kanyang mga anak na babae
na hindi naghangad ng kanyang
pagkawasak.
3 At binalaan ng Panginoon si
Omer sa isang panaginip na na-
rarapat niyang lisanin ang lupa-
in; kaya nga nilisan ni Omer ang
lupain kasama ang kanyang
mag-anak, at naglakbay ng ma-
raming araw, at narating at na-
daanan ang burol ng [a]Shim, at
narating ang lugar kung [b]saan
nalipol ang mga Nephita, at
mula roon ay nagpasilangan, at
narating ang lugar na tinatawag
na Ablum, sa may dalampasigan,
at doon niya itinayo ang kan-
yang tolda, at gayon din ang
kanyang mga anak na lalaki
at kanyang mga anak na babae,
at ang kanyang buong sam-
bahayan, maliban kay Jared at
sa kanyang mag-anak.
4 At ito ay nangyari na, na
si Jared ay hinirang na hari ng

25*a* gbk Malaya, Kalayaan.
*b* Gen. 3:1–13; 2 Ne. 9:9; Mos. 16:3; Moi. 4:5–19.
26*a* 1 Ne. 22:26.
*b* 2 Ne. 33:4; Moro. 7:12–17.
**9** 1*a* Eter 8:13–17.
3*a* Morm. 1:3; 4:23.
*b* Morm. 6:1–15.

mga tao, ng kamay ng kasamaan; at ipinagkaloob niya kay Akis ang kanyang anak na babae na maging asawa.

5 At ito ay nangyari na, na hinangad kitlin ni Akis ang buhay ng kanyang biyanang lalaki; at ginamit niya ang mga yaong pinasumpa niya sa pamamagitan ng sumpa ng mga sinauna, at nakuha nila ang ulo ng kanyang biyanang lalaki, habang siya ay nakaupo sa kanyang trono, na nakikipag-usap sa kanyang mga tao.

6 Sapagkat napakalaki ng naging paglaganap ng masama at lihim na samahang ito kung kaya't pinasama nito ang mga puso ng lahat ng tao; anupa't si Jared ay napaslang sa kanyang trono, at si Akis ay naghari kahalili niya.

7 At ito ay nangyari na, na si Akis ay nagsimulang manibugho sa kanyang anak na lalaki, kung kaya't kanyang ipinakulong siya sa bilangguan, at binuhay siya sa kakaunti o walang pagkain hanggang sa siya ay magdanas ng kamatayan.

8 At ngayon, ang kapatid na lalaki niya na nagdanas ng kamatayan, (at ang pangalan niya ay Nimras) ay nagalit sa kanyang ama dahil sa ginawa ng kanyang ama sa kanyang kapatid.

9 At ito ay nangyari na, na si Nimras ay nangalap ng maliit na bilang ng mga tauhan, at tumakas palabas ng lupain, at nakarating at nanirahang kasama ni Omer.

10 At ito ay nangyari na, na isinilang kay Akis ang iba pang mga anak na lalaki, at naakit nila ang puso ng mga tao, sa kabila ng panunumpa nila sa kanya na gagawin ang lahat ng uri ng kasamaan alinsunod sa yaong kahilingan niya.

11 Ngayon, ang mga tao ni Akis ay nagnais na makinabang, maging tulad ni Akis na naghahangad ng kapangyarihan; kaya nga, inalok sila ng mga anak ni Akis ng salapi, sa gayong pamamaraan ay nahimok nila na sumunod sa kanila ang nakararaming bahagi ng mga tao.

12 At nagsimulang magkaroon ng digmaan sa pagitan ng mga anak na lalaki ni Akis at kay Akis, na tumagal sa loob ng maraming taon, oo, hanggang sa pagkalipol ng halos lahat ng tao ng kaharian, oo, maging lahat, maliban sa tatlumpung katao, at sila na nagsitakas na kasama ng sambahayan ni Omer.

13 Anupa't si Omer ay muling naibalik sa lupaing kanyang mana.

14 At ito ay nangyari na, na si Omer ay nagsimulang tumanda; gayon pa man, sa kanyang katandaan ay isinilang sa kanya si Emer; at hinirang niya si Emer na maging hari upang magharing kahalili niya.

15 At matapos niyang hirangin si Emer na maging hari siya ay nakakita ng kapayapaan sa lupain sa loob ng dalawang taon, at siya ay namatay, matapos na mabuhay ng napakaraming araw, na puspos ng kalung-

kutan. At ito ay nangyari na, na
si Emer ay nagharing kahalili
niya, at sinunod ang mga yapak ng kanyang ama.
16 At nagsimulang alising muli
ng Panginoon ang sumpa sa lupain, at ang sambahayan ni
Emer ay labis na umunlad sa
ilalim ng paghahari ni Emer; at
sa loob ng animnapu at dalawang taon sila ay naging napakalalakas, hanggang sa naging
napakayayaman nila—
17 Nagtataglay ng lahat ng uri
ng bungang-kahoy, at ng butil,
at ng sutla, at ng maiinam na
lino, at ng ginto, at ng pilak, at
ng mahahalagang bagay;
18 At gayon din ng lahat ng
uri ng baka, at ng tupa, at ng baboy, at ng kambing, at marami
pang ibang uri ng mga hayop
na kapaki-pakinabang na pagkain ng tao.
19 At mayroon din silang mga
[a]kabayo, at asno, at may mga
elepante at kurilum at kumom;
lahat ng yaon ay kapaki-pakinabang sa tao, at lalong higit
ang mga elepante at kurilum at
kumom.
20 At sa gayon ibinuhos ng
Panginoon ang kanyang mga
pagpapala sa lupaing ito, na [a]pinili sa lahat ng iba pang lupain;
at iniutos niya na sinuman ang
mag-aangkin sa lupain ay nararapat na angkinin ito para sa
Panginoon, o sila'y [b]malilipol
kapag hinog na sila sa kasamaan; sapagkat sa gayon, wika ng
Panginoon: Ibubuhos ko ang kaganapan ng aking kapootan.
21 At si Emer ay nagpatupad
ng kahatulan sa katwiran sa lahat ng kanyang mga araw, at
siya ay nagkaroon ng maraming
anak na lalaki't babae; at isinilang sa kanya si Coriantum, at
hinirang niya si Coriantum na
magharing kahalili niya.
22 At matapos niyang hirangin si Coriantum na magharing kahalili niya ay nabuhay pa siya ng apat na taon, at
siya ay nakakita ng kapayapaan sa lupain; oo, at nakita niya
maging ang [a]Anak ng Kabutihan, at nagsaya at nagpapuri sa
kanyang araw; at siya ay namatay nang mapayapa.
23 At ito ay nangyari na, na si
Coriantum ay sumunod sa mga
yapak ng kanyang ama, at nagtayo ng maraming malalaking
lunsod, at ipinamahala ang
yaong makabubuti sa kanyang
mga tao sa lahat ng kanyang
mga araw. At ito ay nangyari
na, na hindi siya nagkaroon ng
anak, maging hanggang sa napakatanda na niya.
24 At ito ay nangyari na, na
ang kanyang asawa ay namatay,
na isandaan at dalawang taong
gulang na. At ito ay nangyari
na, na si Coriantum ay nag-asawa, sa kanyang katandaan, ng
isang dalagita, at nagkaroon ng
mga anak na lalaki't babae;
samakatwid siya ay nabuhay
hanggang sa siya ay isandaan
at apatnapu at dalawang taong
gulang.
25 At ito ay nangyari na, na
isinilang sa kanya si Com, at

19*a* 1 Ne. 18:25.
20*a* Eter 2:15.
*b* Eter 2:8–11.
22*a* 3 Ne. 25:2.

si Com ay nagharing kahalili
niya; at siya ay naghari ng
apatnapu at siyam na taon, at
isinilang sa kanya si Het; at nag-
karoon din siya ng iba pang
mga anak na lalaki't babae.
26 At ang tao ay kumalat muli
sa ibabaw ng buong lupain, at
muling nagsimulang magka-
roon ng labis na kasamaan sa
ibabaw ng lupain, at muling
nagsimulang yakapin ni Het
ang mga lihim na plano noong
sinauna, upang mapatay ang
kanyang ama.
27 At ito ay nangyari na, na
naagawan niya ng trono ang
kanyang ama, sapagkat kanya
siyang pinatay ng sarili niyang
espada; at naghari siyang ka-
halili niya.
28 At muling nagkaroon ng
maraming propeta sa lupain,
nangangaral ng pagsisisi sa ka-
nila—na kailangan nilang ihan-
da ang landas ng Panginoon o
magkakaroon ng isang sumpa
sa ibabaw ng lupain; oo, maging
sa magkakaroon ng masidhing
taggutom, kung saan sila ay ma-
lilipol kung hindi sila magsisisi.
29 Subalit hindi pinaniwalaan
ng mga tao ang mga salita ng
mga propeta, sa halip ay kani-
lang itinaboy sila; at ang ilan sa
kanila ay itinapon nila sa mala-
lalim na hukay at iniwanan sila
upang masawi. At ito ay nang-
yari na, na ginawa nila ang lahat
ng bagay na ito alinsunod sa ka-
utusan ng haring si Het.
30 At ito ay nangyari na,
na nagsimulang magkaroon ng
malawakang tagtuyot sa lupa-
in, at ang mga naninirahan ay
nagsimulang malipol nang na-
pakabilis dahil sa tagtuyot, sa-
pagkat walang ulan sa ibabaw
ng lupain.
31 At may naglabasan ding
mga makamandag na ahas sa
ibabaw ng lupain, at tinuklaw
ang maraming tao. At ito ay
nangyari na, na ang kanilang
mga kawan ay nagsimulang
magsitakas sa harapan ng mga
makamandag na ahas, patu-
ngo sa lupaing katimugan, na
tinatawag ng mga Nephita na
[a]Zarahemla.
32 At ito ay nangyari na, na
marami sa kanila ang nangasa-
wi sa daanan; gayon pa man,
may ilang nakatakas patungo
sa lupaing katimugan.
33 At ito ay nangyari na, na
pinapangyari ng Panginoon na
hindi na sila tugisin pa ng mga
[a]ahas, kundi ang harangan nila
ang daanan upang ang mga tao
ay hindi makaraan, na ang sinu-
mang magtangkang dumaan ay
babagsak sa mga makamandag
na ahas.
34 At ito ay nangyari na, na si-
nundan ng mga tao ang landas
ng mga hayop, at nilamon ang
mga patay sa kanila na bumag-
sak sa daanan, hanggang sa
malamon na nila silang lahat.
Ngayon, nang makita ng mga
tao na mangangasawi na sila
ay nagsimula silang [a]magsisi
ng kanilang mga kasamaan at
magsumamo sa Panginoon.
35 At ito ay nangyari na, nang

31*a* Omni 1:13.
33*a* Blg. 21:6–9.
34*a* Alma 34:34; D at T 101:8.

sapat na silang [a]nagpakumba-
ba ng kanilang sarili sa harapan
ng Panginoon na siya ay nag-
padala ng ulan sa ibabaw ng lu-
pain; at muling nagsimulang
sumigla ang mga tao, at nagsi-
mulang magkaroon ng bu-
ngang-kahoy sa mga hilagang
bayan, at sa lahat ng bayan sa
paligid. At ipinakita sa kanila
ng Panginoon ang kanyang ka-
pangyarihan sa pangangalaga
sa kanila mula sa taggutom.

## KABANATA 10

*Isang hari ang humahalili sa isa pa —Ilan sa hari ay mabubuti; ang ilan ay masasama—Kapag namamayani ang kabutihan, ang mga tao ay pinagpapala at pinauunlad ng Panginoon.*

AT ito ay nangyari na, na si
Shez, na isang inapo ni Het—
sapagkat si Het ay nasawi sa
pamamagitan ng taggutom, at
ang buo niyang sambahayan
maliban kay Shez—dahil dito,
muling nagsimulang buuin ni
Shez ang isang nagkawatak-
watak na mga tao.
2 At ito ay nangyari na, na na-
alaala ni Shez ang naging pag-
kalipol ng kanyang mga ama, at
siya ay nagtayo ng isang mabu-
ting kaharian; sapagkat naalaala
niya kung ano ang ginawa ng
Panginoon sa pagdadala kay
Jared at sa kanyang kapatid na
lalaki sa [a]kabila ng malawak
na kailaliman; at lumakad siya
sa mga landas ng Panginoon; at
siya ay nagkaroon ng mga anak
na lalaki't babae.
3 At ang kanyang pinakama-
tandang anak na lalaki, na ang
pangalan ay Shez, ay naghimag-
sik laban sa kanya; gayon pa
man, si Shez ay pinahirapan ng
kamay ng isang manloloob, da-
hil sa kanyang labis na kayama-
nan, na muling nagdulot ng ka-
payapaan sa kanyang ama.
4 At ito ay nangyari na, na ang
kanyang ama ay nagtayo ng ma-
raming lunsod sa ibabaw ng lu-
pain, at muling nagsimulang
kumalat ang mga tao sa ibabaw
ng buong lupain. At si Shez ay
nabuhay sa labis na katandaan;
at isinilang sa kanya si Riplakis.
At siya ay namatay, at si Ripla-
kis ay nagharing kahalili niya.
5 At ito ay nangyari na, na hin-
di ginawa ni Riplakis ang yaong
tama sa paningin ng Panginoon,
sapagkat siya ay nagkaroon ng
maraming asawa't [a]kalunya, at
iniatang sa balikat ng mga tao
ang yaong napakabigat pasa-
nin; oo, kanyang pinatawan sila
ng mabibigat na buwis; at sa pa-
mamagitan ng mga buwis siya
ay nagpatayo ng maraming ma-
luwang na gusali.
6 At siya ay nagpatayo ng
isang napakagandang trono; at
siya ay nagpatayo ng maraming
bilangguan, at sinuman ang hin-
di paiilalim sa mga buwis ay ipi-
natatapon niya sa bilangguan; at
sinuman ang hindi nakababa-
yad ng buwis ay ipinatatapon
niya sa bilangguan; at iniutos
niya na patuloy silang gumawa

35*a* D at T 5:24.
**10** 2*a* Eter 6:1–12.
5*a* Jac. 3:5;
Mos. 11:2.

para sa kanilang ikabubuhay; at sinuman ang tumangging gumawa ay ipinapapatay niya.
7 Samakatwid nakuha niya ang lahat ng kanyang maiinam na gayak, oo, maging ang kanyang maiinam na ginto ay iniutos niyang ipalantay sa bilangguan; at lahat ng uri ng maiinam na pagkakayari ay pinapangyari niyang isagawa sa bilangguan. At ito ay nangyari na, na pinahirapan niya ang mga tao sa pamamagitan ng kanyang mga pagpapatutot at karumal-dumal na gawain.
8 At nang makapaghari na siya sa loob ng apatnapu at dalawang taon, ang mga tao ay nag-aklas sa paghihimagsik laban sa kanya; at nagsimulang magkaroong muli ng digmaan sa lupain, hanggang sa si Riplakis ay napatay, at ang kanyang mga inapo ay itinaboy palabas ng lupain.
9 At ito ay nangyari na, matapos lumipas ang maraming taon, si Morianton, (siya na isang inapo ni Riplakis) ay nangalap ng isang hukbo ng mga itinakwil, at humayo, at nakidigma sa mga tao; at nakuha niya ang kapangyarihan sa maraming lunsod; at ang digmaan ay naging napakasidhi, at tumagal sa loob ng maraming taon; at nakuha niya ang kapangyarihan sa buong lupain, at iniluklok ang kanyang sarili bilang hari ng buong lupain.
10 At matapos niyang iluklok ang kanyang sarili bilang hari ay pinagaan niya ang mga pasanin ng mga tao, sa gayon ay nakuha niya ang pagsang-ayon sa paningin ng mga tao, at kanilang hinirang siya na maging hari nila.
11 At siya ay naging makatarungan sa mga tao, subalit hindi sa kanyang sarili dahil sa kanyang maraming pagpapatutot; kaya nga, siya ay nahiwalay mula sa harapan ng Panginoon.
12 At ito ay nangyari na, na si Morianton ay nagtayo ng maraming lunsod, at ang mga tao ay naging napakayayaman sa ilalim ng kanyang paghahari, kapwa sa mga gusali, at sa ginto at pilak, at sa pagpapatubo ng mga butil, at sa mga kawan ng tupa, at baka, at ng gayong mga bagay na ibinalik sa kanila.
13 At si Morianton ay nabuhay sa labis na katandaan, at pagkatapos ay isinilang sa kanya si Kim; at si Kim ay nagharing kahalili ng kanyang ama; at siya ay naghari ng walong taon, at ang kanyang ama ay namatay. At ito ay nangyari na, na si Kim ay hindi naghari sa katwiran, kaya nga, siya ay hindi pinagpala ng Panginoon.
14 At ang kanyang kapatid na lalaki ay nag-aklas sa paghihimagsik laban sa kanya, sa gayong paraan siya ay nadala niya sa pagkabihag; at nanatili siya sa pagkabihag sa lahat ng kanyang mga araw; at siya ay nagkaroon ng mga anak na lalaki't babae sa pagkabihag, at sa kanyang katandaan ay isinilang sa kanya si Levi; at siya ay namatay.

15 At ito ay nangyari na, na si Levi ay nagsilbi sa pagkabihag matapos ang kamatayan ng kanyang ama, sa loob ng apatnapu at dalawang taon. At siya ay nakidigma laban sa hari ng lupain, sa gayong paraan ay nakuha niya para sa kanyang sarili ang kaharian.

16 At matapos niyang makuha ang kaharian para sa kanyang sarili ay ginawa niya ang yaong tama sa paningin ng Panginoon; at ang mga tao ay umunlad sa lupain; at siya ay nabuhay sa mainam na katandaan, at nagkaroon ng mga anak na lalaki't babae; at isinilang din sa kanya si Corom, na siyang hinirang niyang hari bilang kahalili niya.

17 At ito ay nangyari na, na ginawa ni Corom ang yaong mabuti sa paningin ng Panginoon sa lahat ng kanyang mga araw; at siya ay nagkaroon ng maraming anak na lalaki't babae; at matapos siyang mabuhay ng maraming araw siya ay namatay, maging tulad ng iba pa sa mundo; at si Kis ay nagharing kahalili niya.

18 At ito ay nangyari na, na si Kis ay namatay rin, at si Lib ay nagharing kahalili niya.

19 At ito ay nangyari na, na ginawa rin ni Lib ang yaong mabuti sa paningin ng Panginoon. At sa araw ni Lib ay napuksa ang mga [a]makamandag na ahas. Anupa't sila ay nagtungo sa lupaing katimugan, upang mangaso ng pagkain para sa mga tao ng lupain, sapagkat ang lupain ay puno ng mga hayop ng kagubatan. At si Lib din ay naging mahusay na mangangaso.

20 At sila ay nagtayo ng isang lunsod sa makitid na daanan ng lupain, sa dako kung saan hinahati ng dagat ang lupain.

21 At inilaan nila ang lupaing katimugan na isang ilang, upang makapangaso. At ang lahat ng dako ng lupaing kahilagaan ay napuno ng mga naninirahan.

22 At sila'y lubhang masisipag, at sila ay bumibili at naglalako at nakikipagkalakalan sa isa't isa upang sila ay kumita.

23 At sila ay gumawa ng lahat ng uri ng inang mina, at sila ay gumawa ng ginto, at pilak, at [a]bakal, at tanso, at lahat ng uri ng metal; at hinukay nila ito mula sa lupa; anupa't sila ay nagtapon ng malalaking bunton ng lupa upang kumuha ng inang mina, ng ginto, at ng pilak, at ng bakal, at ng tumbaga. At sila ay gumawa ng lahat ng uri ng maiinam na pagkakayari.

24 At sila ay may mga sutla, at maiinam na hinabing lino; at sila ay gumawa ng lahat ng uri ng kayo, upang madamitan nila ang kanilang sarili mula sa kanilang kahubaran.

25 At sila ay gumawa ng lahat ng uri ng kagamitan upang bungkalin ang lupa, kapwa upang mag-araro at magtanim, upang umani at mag-asarol, at gayon din upang gumiik.

26 At sila ay gumawa ng lahat ng uri ng kagamitan kung saan

19*a* Eter 9:31.
23*a* 2 Ne. 5:15.

ay pinagawa nila ang kanilang mga hayop.
27 At sila ay gumawa ng lahat ng uri ng sandata ng digmaan. At sila ay gumawa ng lahat ng uri ng pagkakayaring labis na mahuhusay ang pagkakagawa.
28 At kailanma'y walang taong higit na pinagpala kaysa sa kanila, at higit na pinaunlad ng kamay ng Panginoon. At sila ay nasa lupaing pinili sa lahat ng lupain, sapagkat ito ang wika ng Panginoon.
29 At ito ay nangyari na, na si Lib ay nabuhay ng maraming taon, at nagkaroon ng mga anak na lalaki't babae; at isinilang din sa kanya si Hertum.
30 At ito ay nangyari na, na si Hertum ay nagharing kahalili ng kanyang ama. At nang si Hertum ay makapaghari na ng dalawampu at apat na taon, masdan, inagaw mula sa kanya ang kaharian. At siya ay nanilbihan ng maraming taon sa pagkabihag, oo, maging sa lahat ng nalalabi niyang mga araw.
31 At isinilang sa kanya si Het, at si Het ay namuhay sa pagkabihag sa lahat ng kanyang mga araw. At isinilang kay Het si Aaron, at si Aaron ay namalagi sa pagkabihag sa lahat ng kanyang mga araw; at isinilang sa kanya si Amnigadas, at si Amnigadas ay namalagi rin sa pagkabihag sa lahat ng kanyang mga araw; at isinilang sa kanya si Coriantum, at si Coriantum ay namalagi sa pagkabihag sa lahat ng kanyang mga araw; at isinilang sa kanya si Com.
32 At ito ay nangyari na, na nahimok ni Com palayo ang kalahati ng kaharian. At siya ay naghari sa kalahati ng kaharian ng apatnapu at dalawang taon; at siya ay nakidigma laban sa hari, na si Amgid, at sila ay naglaban sa loob ng maraming taon, kung saan ay nakakuha ng kapangyarihan si Com kay Amgid, at natamo ang kapangyarihan sa nalalabi pa sa kaharian.
33 At sa mga araw ni Com ay nagsimulang magkaroon ng mga tulisan sa lupain; at sinunod nila ang mga lumang plano, at inihayag ang mga [a]sumpa alinsunod sa pamamaraan ng mga sinauna, at muling naghangad na wasakin ang kaharian.
34 Ngayon, si Com ay labis na nakipaglaban sa kanila; gayon pa man, siya ay hindi namayani laban sa kanila.

## KABANATA 11

*Namayani sa buhay ng mga Jaredita ang mga digmaan, pagtiwalag, at kasamaan—Ibinadya ng mga propeta ang lubusang pagkalipol ng mga Jaredita maliban kung sila ay magsisisi—Tinanggihan ng mga tao ang mga salita ng mga propeta.*

1 AT nagkaroon din ng maraming propeta sa mga araw ni Com, at iprinopesiya ang pagkalipol ng mga yaong makapangyarihang tao maliban kung

33*a* GBK Sumpa, Mga Sumpa; Lihim na Pagsasabwatan, Mga.

sila ay magsisisi, at bumaling sa
Panginoon, at talikdan ang ka-
nilang mga pagpaslang at ka-
samaan.
2 At ito ay nangyari na, na ang
mga propeta ay itinakwil ng
mga tao, at sila ay nagsitakas
patungo kay Com upang mapa-
ngalagaan, sapagkat hinangad
ng mga tao na patayin sila.
3 At sila ay nagpropesiya ng
maraming bagay kay Com; at
siya ay pinagpala sa lahat ng na-
lalabi niyang mga araw.
4 At siya ay nabuhay sa mai-
nam na katandaan, at isinilang
sa kanya si Siblom; at si Siblom
ay nagharing kahalili niya. At
ang kapatid na lalaki ni Siblom
ay naghimagsik laban sa kan-
ya, at nagsimulang magkaroon
ng napakasidhing digmaan sa
buong lupain.
5 At ito ay nangyari na, na
pinapangyaring ipapatay ng
kapatid na lalaki ni Siblom ang
mga propetang nagpropesiya
ng pagkalipol ng mga tao;
6 At nagkaroon ng masidhing
sakuna sa buong lupain, sapag-
kat sila ay nagpatotoo na isang
kakila-kilabot na sumpa ang da-
rating sa lupain, at gayon din sa
mga tao, at na magkakaroon ng
malaking pagkalipol sa kanila,
na kailanman ay hindi pa nang-
yayari sa balat ng lupa, at ang
kanilang mga buto ay matutu-
lad sa mga [a]bunton ng lupa sa
ibabaw ng lupain maliban kung
sila ay magsisisi ng kanilang ka-
samaan.
7 At hindi nila pinakinggan
ang tinig ng Panginoon, dahil sa
kanilang masasamang pakiki-
pagsabwatan; anupa't nagsimu-
lang magkaroon ng mga digma-
an at alitan sa buong lupain, at
gayon din ng maraming taggu-
tom at salot, hanggang sa mag-
karoon ng masidhing pagkawa-
sak, na kailanman ay hindi pa
nalalaman sa balat ng lupa; at
ang lahat ng ito'y nangyari sa
mga araw ni Siblom.
8 At ang mga tao ay nagsimu-
lang magsisi ng kanilang kasa-
maan; at nang gawin nila ito ang
Panginoon ay [a]naawa sa kanila.
9 At ito ay nangyari na, na si
Siblom ay napatay, at si Set ay
nadala sa pagkabihag, at nama-
lagi sa pagkabihag sa lahat ng
kanyang mga araw.
10 At ito ay nangyari na, na si
Ahas, na kanyang anak na lala-
ki, ang nagtamo ng kaharian; at
siya ay naghari sa mga tao sa
lahat ng kanyang mga araw. At
ginawa niya ang lahat ng uri
ng kasamaan sa kanyang mga
araw, sa gayong paraan pina-
pangyari niya ang pagdanak
ng maraming dugo; at kakaunti
ang kanyang mga araw.
11 At si Etem, dahil sa inapo
siya ni Ahas, ay natamo ang ka-
harian; at ginawa rin niya ang
yaong masama sa kanyang mga
araw.
12 At ito ay nangyari na, na sa
mga araw ni Etem ay nagkaroon
ng maraming propeta, at mu-
ling nagpropesiya sa mga tao;
oo, sila ay nagpropesiya na ang
Panginoon ay lubusan silang

**11** 6*a* Omni 1:22; Eter 14:21.
8*a* GBK Awa, Maawain.

lilipulin mula sa balat ng lupa maliban kung sila ay magsisisi ng kanilang mga kasamaan.

13 At ito ay nangyari na, na pinatigas ng mga tao ang kanilang mga puso, at tumangging [a]makinig sa kanilang mga salita; at ang mga propeta ay nagdalamhati at nagsilayo mula sa mga tao.

14 At ito ay nangyari na, na si Etem ay nagpatupad ng kahatulan sa kasamaan sa lahat ng kanyang mga araw; at isinilang sa kanya si Moron. At ito ay nangyari na, na si Moron ay nagharing kahalili niya; at ginawa ni Moron ang yaong masama sa harapan ng Panginoon.

15 At ito ay nangyari na, na nagkaroon ng [a]himagsikan sa mga tao, dahil sa yaong lihim na pakikipagsabwatan na itinatag upang mag-angkin ng kapangyarihan at makinabang; at may lumitaw na isang makapangyarihang lalaki sa kasamaan sa kanila, at nakidigma kay Moron, kung saan ay napabagsak niya ang kalahati ng kaharian; at napanatili niya ang kalahati ng kaharian ng maraming taon.

16 At ito ay nangyari na, na napabagsak siya ni Moron, at muling natamo ang kaharian.

17 At ito ay nangyari na, na may isa pang makapangyarihang lalaki ang lumitaw; at siya ay isang inapo ng kapatid ni Jared.

18 At ito ay nangyari na, na napabagsak niya si Moron at natamo ang kaharian; anupa't si Moron ay namalagi sa pagkabihag sa lahat ng nalalabi niyang mga araw; at isinilang sa kanya si Coriantor.

19 At ito ay nangyari na, na si Coriantor ay namalagi sa pagkabihag sa lahat ng kanyang mga araw.

20 At sa mga araw ni Coriantor ay nagkaroon din ng maraming propeta, at nagpropesiya ng mga dakila at kagila-gilalas na bagay, at nangaral ng pagsisisi sa mga tao, at maliban kung sila ay magsisisi, ang Panginoong Diyos ay magpapatupad ng [a]kahatulan laban sa kanila hanggang sa kanilang lubusang pagkalipol;

21 At na ang Panginoong Diyos ay magpapadala o magsusugo ng [a]ibang mga tao upang angkinin ang lupain, sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan, alinsunod sa pamamaraan kung paano niya dinala ang kanilang mga ama.

22 At kanilang tinanggihan ang lahat ng salita ng mga propeta, dahil sa kanilang lihim na samahan at masasamang karumal-dumal na gawain.

23 At ito ay nangyari na, na isinilang kay Coriantor si [a]Eter, at siya ay namatay, matapos mamalagi sa pagkabihag sa lahat ng kanyang mga araw.

## KABANATA 12

*Pinayuhan ng propetang si Eter ang mga tao na maniwala sa Diyos*

13*a* Mos. 16:2.
15*a* GBK Paghihimagsik.
20*a* GBK Hatol, Paghatol.
21*a* Eter 13:20–21.
23*a* Eter 1:6; 15:33–34.

*—Iniulat ni Moroni ang mga kababalaghan at himalang nagawa sa pamamagitan ng pananampalataya—Sa pamamagitan ng pananampalataya ay nakita ng kapatid ni Jared si Cristo—Binibigyan ng Panginoon ng mga kahinaan ang mga tao upang sila ay maging mapagkumbaba—Pinakilos ng kapatid ni Jared ang bundok Zerin sa pamamagitan ng pananampalataya—Ang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa kapwa-tao ay mahalaga sa kaligtasan—Nakita ni Moroni si Jesus nang harap-harapan.*

At ito ay nangyari na, na ang
mga araw ni Eter ay nasa mga
araw ni Coriantumer; at si [a]Co-
riantumer ang hari ng buong
lupain.
2 At si [a]Eter ay isang propeta
ng Panginoon; samakatwid si
Eter ay lumitaw sa mga araw ni
Coriantumer, at nagsimulang
magpropesiya sa mga tao, sa-
pagkat hindi siya magawang
[b]pigilin dahil sa Espiritu ng Pa-
nginoon na nasa kanya.
3 Sapagkat siya ay [a]nagsuma-
mo mula sa umaga, maging
hanggang sa paglubog ng araw,
pinapayuhan ang mga tao na
maniwala sa Diyos tungo sa
pagsisisi at baka sila [b]malipol,
sinasabi sa kanila na sa pama-
magitan ng [c]pananampalataya
ang lahat ng bagay ay naisasa-
katuparan—
4 Kaya nga, sinuman ang ma-
niniwala sa Diyos ay maaaring
[a]umasa nang may katiyakan
para sa isang daigdig na higit
na mainam, oo, maging isang
lugar sa kanang kamay ng
Diyos, kung aling pag-asa ay
bunga ng pananampalataya, na
gumagawa ng isang [b]daungan
sa mga kaluluwa ng tao, na si-
yang magbibigay sa kanila ng
katiyakan at katatagan, nanana-
gana sa tuwina sa [c]mabubuting
gawa, inaakay na [d]purihin ang
Diyos.
5 At ito ay nangyari na, na si
Eter ay nagpropesiya ng mga
dakila at kagila-gilalas na bagay
sa mga tao, na hindi nila pinani-
walaan, dahil sa hindi nila naki-
ta ang mga ito.
6 At ngayon, ako, si Moroni,
ay mangungusap nang bahag-
ya hinggil sa mga bagay na ito;
ipakikita ko sa sanlibutan na
ang [a]pananampalataya ay mga
bagay na [b]inaasahan at [c]hindi
nakikita; kaya nga, huwag mag-
talu-talo dahil sa hindi ninyo
nakikita, sapagkat wala kayong
matatanggap na patunay hang-
ga't hindi natatapos ang [d]pag-
subok sa inyong pananampala-
taya.
7 Sapagkat sa pamamagitan
ng pananampalataya ay ipina-
kita ni Cristo ang kanyang sari-
li sa ating mga ama, matapos
siyang bumangon mula sa pa-

**12** 1*a* Eter 13:13–31.
2*a* GBK Eter.
*b* Jer. 20:9; Enos 1:26; Alma 43:1.
3*a* D at T 112:5.
*b* Eter 11:12, 20–22.
*c* GBK Pananampalataya.
4*a* GBK Pag-asa.
*b* Heb. 6:19.
*c* 1 Cor. 15:58.
*d* 3 Ne. 12:16.
6*a* Heb. 11:1.
*b* Rom. 8:24–25.
*c* Alma 32:21.
*d* 3 Ne. 26:11; D at T 105:19; 121:7–8.

tay; at hindi niya ipinakita ang kanyang sarili sa kanila hanggang sa nagkaroon muna sila ng pananampalataya sa kanya; anupa't kinakailangan na may pananampalataya sa kanya ang ilan, sapagkat hindi niya ipakikita ang kanyang sarili sa sanlibutan.

8 Subalit dahil sa pananampalataya ng mga tao ay ipinakita niya ang kanyang sarili sa sanlibutan, at niluwalhati ang pangalan ng Ama, at naghanda ng daan nang sa gayon ang iba ay maaaring maging kabahagi sa makalangit na handog, upang sila ay umasa sa mga yaong bagay na hindi nila nakikita.

9 Kaya nga, maaari rin kayong magkaroon ng pag-asa, at maging kabahagi ng handog, kung kayo ay magkakaroon lamang ng pananampalataya.

10 Masdan sa pamamagitan ng pananampalataya silang mga sinauna ay [a]tinawag alinsunod sa banal na orden ng Diyos.

11 Anupa't sa pamamagitan ng pananampalataya ang mga batas ni Moises ay ibinigay. Subalit sa paghahandog ng kanyang Anak, ang Diyos ay naghanda ng higit na [a]mabuting paraan; at sa pamamagitan ng pananampalataya kung kaya't ito ay naisakatuparan.

12 Sapagkat kung walang [a]pananampalataya sa mga anak ng tao, ang Diyos ay hindi makagagawa ng [b]himala sa kanila; anupa't hindi niya ipinakita ang kanyang sarili hanggang sa sila muna ay nagkaroon ng pananampalataya.

13 Masdan, ang pananampalataya nina Alma at Amulek ang dahilan ng pagguho ng [a]bilangguan sa lupa.

14 Masdan, ang pananampalataya nina Nephi at Lehi ang gumawa ng [a]pagbabago sa mga Lamanita, kung kaya't sila ay nabinyagan ng apoy at ng [b]Espiritu Santo.

15 Masdan, ang pananampalataya ni [a]Ammon at ng kanyang mga kapatid ang [b]gumawa ng napakalaking himala sa mga Lamanita.

16 Oo, at maging silang lahat na gumawa ng mga [a]himala ay nagawa ang mga ito sa pamamagitan ng [b]pananampalataya, maging ang mga yaong nauna kay Cristo at gayon din ang mga yaong sumunod.

17 At sa pamamagitan ng pananampalataya ang tatlong disipulo ay nagtamo ng isang pangako na [a]hindi sila makatitikim ng kamatayan; at hindi nila natamo ang pangako hanggang sa nagkaroon muna sila ng pananampalataya.

10*a* Alma 13:3–4. GBK Tawag, Tinawag ng Diyos, Pagkakatawag.
11*a* 1 Cor. 12:31.
12*a* 2 Ne. 27:23; Mos. 8:18; Moro. 7:37; D at T 35:8–11.
*b* Mat. 13:58; Morm. 9:20.
13*a* Alma 14:26–29.
14*a* Hel. 5:50–52.
*b* Hel. 5:45; 3 Ne. 9:20.
15*a* Alma 17:29–39.
*b* IE katulad ng isinalaysay sa Alma, kabanata 17–26.
16*a* GBK Himala.
*b* Heb. 11:7–40.
17*a* 3 Ne. 28:7; Morm. 8:10–12.

18 At ni hindi kailanman na-
kagawa ang sinuman ng mga
himala hanggang sa sila muna
ay nagkaroon ng pananampa-
lataya; anupa't sila ay unang
naniwala sa Anak ng Diyos.
19 At marami na ang pana-
nampalataya ay napakalakas,
maging [a]bago pa pumarito si
Cristo, na hindi maaaring pag-
bawalan mula sa loob ng [b]ta-
bing, kundi tunay na namalas
ng kanilang mga mata ang mga
bagay na namasdan nila sa pa-
mamagitan ng mata ng pana-
nampalataya, at sila ay nagalak.
20 At masdan, nakita natin sa
talaang ito na isa sa kanila ang
kapatid ni Jared; sapagkat na-
pakalaki ng kanyang pananam-
palataya sa Diyos, kung kaya't
nang iunat ng Diyos ang kan-
yang [a]daliri ay hindi niya ito
nagawang itago mula sa pani-
ngin ng kapatid ni Jared, dahil
sa kanyang salita na sinabi niya
sa kanya, kung aling salita ay
natamo niya sa pamamagitan ng
pananampalataya.
21 At matapos mamasdan ng
kapatid ni Jared ang daliri ng
Panginoon, dahil sa [a]pangakong
natamo ng kapatid ni Jared sa
pamamagitan ng pananampala-
taya, ay hindi nagawang ipag-
kait ng Panginoon ang alinmang
bagay mula sa kanyang pani-
ngin; kaya nga, ipinakita niya sa
kanya ang lahat ng bagay, sa-
pagkat hindi na siya mapagba-
bawalan pa sa labas ng [b]tabing.
22 At sa pamamagitan ng pa-
nanampalataya ay natamo ng
aking mga ama ang [a]pangako
na ipahahayag ang mga bagay
na ito sa kanilang mga kapatid
sa pamamagitan ng mga Gen-
til; kaya nga, ako ay inutusan
ng Panginoon, oo, maging ni
Jesucristo.
23 At sinabi ko sa kanya:
Panginoon, kukutyain ng mga
Gentil ang mga bagay na ito,
dahil sa aming [a]kahinaan sa
pagsusulat; sapagkat Pangino-
on, ginawa ninyo kaming ma-
husay sa pananalita sa pama-
magitan ng pananampalataya,
subalit hindi ninyo kami gina-
wang [b]mahusay sa pagsusulat;
sapagkat ginawa ninyo na ang
lahat ng taong ito ay makapa-
ngusap nang labis, dahil sa Es-
piritu Santo na ipinagkaloob
ninyo sa kanila;
24 At ginawa ninyo na kami
ay makapagsulat lamang ng
kakaunti, dahil sa pagkasaliwa
ng aming mga kamay. Masdan,
hindi ninyo kami ginawang
mahusay sa [a]pagsusulat na tu-
lad ng kapatid ni Jared, sapag-
kat ginawa ninyong dakila ang
mga bagay na kanyang isinulat
maging tulad ninyo, tungo sa
pagkadaig ng tao sa pagbabasa
ng mga ito.
25 Ginawa rin ninyong ma-
kapangyarihan at dakila ang
aming mga salita, maging sa
hindi namin maisulat ang mga
ito; kaya nga, kapag kami ay

19*a* 2 Ne. 11:1–4; Jac. 4:4–5; Jar. 1:11; Alma 25:15–16.
*b* Eter 3:6. GBK Tabing.
20*a* Eter 3:4.
21*a* Eter 3:25–26.
*b* Eter 3:20; D at T 67:10–13.
22*a* Enos 1:13.
23*a* Morm. 8:17; 9:33.
*b* 2 Ne. 33:1.
24*a* GBK Wika.

nagsusulat namamasdan na-
min ang aming kahinaan, at
natitisod dahil sa pagsasaayos
ng aming mga salita; at ako
ay natatakot na baka [a]kutya-
in ng mga Gentil ang aming
mga salita.
26 At nang sabihin ko ito, ang
Panginoon ay nangusap sa akin,
sinasabing: Ang mga hangal ay
[a]nangungutya, subalit sila ay
magdadalamhati; at ang aking
biyaya ay sapat para sa maa-
amo, na hindi sila magsasaman-
tala sa inyong kahinaan;
27 At kung ang mga tao ay lala-
pit sa akin ay ipakikita ko sa
kanila ang kanilang [a]kahinaan.
Ako ay [b]nagbibigay ng kahina-
an sa mga tao upang sila ay
magpakumbaba; at ang aking
[c]biyaya ay sapat para sa lahat
ng taong [d]magpapakumbaba
ng kanilang sarili sa aking ha-
rapan; sapagkat kung magpapa-
kumbaba sila ng kanilang sarili
sa aking harapan, at magkaka-
roon ng pananampalataya sa
akin, sa gayon ay gagawin ko
ang [e]mahihinang bagay na ma-
ging malalakas sa kanila.
28 Masdan, ipakikita ko sa
mga Gentil ang kanilang kahi-
naan, at ipakikita ko sa kanila
na ang [a]pananampalataya, pag-
asa, at pag-ibig sa kapwa-tao ay
nagdadala sa akin—ng bukal
ng lahat ng kabutihan.
29 At ako, si Moroni, matapos
na marinig ang mga salitang
ito, ay naaliw, at nagsabi: O Pa-
nginoon, ang inyong mabu-
ting kalooban ay matutupad,
sapagkat nalalaman ko na gu-
magawa kayo sa mga anak ng
tao alinsunod sa kanilang pa-
nanampalataya;
30 Sapagkat sinabi ng kapatid
ni Jared sa bundok ng Zerin,
[a]Kilos—at ito ay kumilos. At
kung siya ay walang pananam-
palataya hindi sana ito natinag;
samakatwid dito, kayo ay gu-
magawa matapos magkaroon ng
pananampalataya ang mga tao.
31 Sapagkat sa gayon ninyo
ipinakita ang inyong sarili sa
inyong mga disipulo; sapagkat
matapos silang magkaroon ng
[a]pananampalataya, at mangu-
sap sa inyong pangalan, ay ipi-
nakita ninyo ang inyong sarili
sa kanila sa dakilang kapang-
yarihan.
32 At natatandaan ko ring sina-
bi ninyo na naghanda kayo ng
tahanan para sa tao, oo, maging
sa mga [a]mansiyon ng inyong
Ama, kung saan ang tao ay ma-
aaring magkaroon ng higit na
mainam na [b]pag-asa; kaya nga,
kinakailangang umasa ang tao,
o hindi siya maaaring maka-
tanggap ng mana sa lugar na
inyong inihanda.
33 At muli, natatandaan kong

25*a* 1 Cor. 2:14.
26*a* Gal. 6:7.
27*a* Jac. 4:7.
*b* Ex. 4:11; 1 Cor. 1:27.
*c* GBK Biyaya.
*d* Lu. 18:10–14; D at T 1:28. GBK Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba.
*e* Lu. 9:46–48; 2 Cor. 12:9.
28*a* 1 Cor. 13:1–13; Moro. 7:39–47.
30*a* Mat. 17:20; Jac. 4:6; Hel. 10:6, 9. GBK Kapangyarihan.
31*a* GBK Pananampalataya.
32*a* Juan 14:2; Enos 1:27; D at T 72:4; 98:18.
*b* GBK Pag-asa.

sinabi ninyo na [a]iniibig ninyo ang sanlibutan, maging hanggang sa paghahain ng inyong buhay para sa sanlibutan, nang muli ninyo itong makuha upang maghanda ng lugar para sa mga anak ng tao.

34 At ngayon nalalaman ko na ang [a]pag-ibig na ito na inyong taglay para sa mga anak ng tao ay pag-ibig sa kapwa; anupa't maliban kung magkaroon ng pag-ibig sa kapwa ang tao ay hindi nila mamamana ang lugar na yaon na inyong inihanda sa mga mansiyon ng inyong Ama.

35 Kaya nga, nalalaman ko sa pamamagitan ng bagay na ito na inyong sinabi, na kung walang pag-ibig sa kapwa-tao ang mga Gentil, dahil sa aming kahinaan, ay inyong susubukin sila, at kukunin ang kanilang [a]talento, oo, maging ang mga yaong natanggap nila, at ipagkakaloob sa kanila na tatanggap nang higit na masagana.

36 At ito ay nangyari na, na ako ay nanalangin sa Panginoon na [a]biyayaan niya ang mga Gentil, upang sila ay magkaroon ng pag-ibig sa kapwa-tao.

37 At ito ay nangyari na, na sinabi sa akin ng Panginoon: Kung wala silang pag-ibig sa kapwa-tao ay hindi na ito mahalaga sa iyo, ikaw ay naging matapat; kaya nga, ang iyong mga kasuotan ay gagawing [a]malinis. At dahil sa kinilala mo ang iyong [b]kahinaan ikaw ay gagawing malakas, maging hanggang sa pag-upo sa lugar na inihanda ko sa mga mansiyon ng aking Ama.

38 At ngayon ako, si Moroni, ay nagpapaalam sa mga Gentil, oo, at gayon din sa aking mga kapatid na minamahal ko, hanggang sa muli tayong magkita sa harapan ng [a]hukumang-luklukan ni Cristo, kung saan malalaman ng lahat ng tao na hindi nabahiran ng inyong dugo ang aking mga [b]kasuotan.

39 At doon malalaman ninyo na [a]nakita ko si Jesus, at na nakipag-usap siya sa akin nang [b]harap-harapan, at na sinabi niya sa akin sa malinaw na pagpapakumbaba, maging tulad ng isang tao na nagsasalaysay sa iba sa aking sariling wika, hinggil sa mga bagay na ito;

40 At kakaunti lamang ang naisulat ko, dahil sa aking kahinaan sa pagsusulat.

41 At ngayon, ipinapayo ko sa inyo na [a]hanapin ang Jesus na ito na siyang isinulat ng mga propeta at apostol, upang ang biyaya ng Diyos Ama, at gayon din ng Panginoong Jesucristo, at ng Espiritu Santo, na siyang [b]nagpapatotoo sa kanila, ay maaari at manatili sa inyo magpakailanman. Amen.

---

33*a* Juan 3:16–17.
34*a* Moro. 7:47.
GBK Pag-ibig sa Kapwa-tao; Pagmamahal.
35*a* Mat. 25:14–30.
GBK Kaloob; Talento.
36*a* GBK Biyaya.
37*a* D at T 38:42; 88:74–75; 135:4–5.
*b* Eter 12:27.
38*a* GBK Jesucristo—Hukom.
*b* Jac. 1:19.
39*a* GBK Jesucristo—Mga pagpapakita ni Cristo matapos maging mortal.
*b* Gen. 32:30; Ex. 33:11.
41*a* D at T 88:63; 101:38.
*b* 3 Ne. 11:32.

## KABANATA 13

*Si Eter ay bumanggit ng isang Bagong Jerusalem na itatayo sa Amerika ng mga binhi ni Jose—Siya ay nagpropesiya, itinaboy, isinulat ang kasaysayan ng mga Jaredita, at ibinadya ang pagkalipol ng mga Jaredita—Ang digmaan ay sumalanta sa buong lupain.*

AT ngayon ako, si Moroni, ay
magpapatuloy na tapusin ang
aking talaan hinggil sa pagkali-
pol ng mga taong siya kong isi-
nusulat.
2 Sapagkat masdan, tinanggi-
han nila ang lahat ng salita ni
Eter; sapagkat tunay niyang si-
nabi sa kanila ang lahat ng ba-
gay mula sa simula ng tao; at
na matapos [a]bumaba ang tubig
mula sa ibabaw ng lupaing ito
ay naging isa itong piling lupa-
in sa lahat ng iba pang lupain,
isang piling lupain ng Pangino-
on; kaya nga, nais ng Panginoon
na siya ay [b]pagsilbihan ng lahat
ng taong maninirahan dito;
3 At na ito ang lugar ng [a]Ba-
gong Jerusalem, na [b]bababa
mula sa langit, at ang banal na
santuwaryo ng Panginoon.
4 Masdan, nakita ni Eter ang
mga araw ni Cristo, at siya ay
nangusap hinggil sa isang [a]Ba-
gong Jerusalem sa lupaing ito.
5 At siya ay nangusap din
hinggil sa sambahayan ni Israel,
at sa [a]Jerusalem kung saan nag-
mula si [b]Lehi—matapos itong
mawasak ay muli itong itatayo,
isang banal na lunsod sa Pa-
nginoon; kaya nga, hindi ito
maaaring maging bagong Jeru-
salem sapagkat ito ay naroon
noong unang panahon; kundi
muli itong itatayo, at magiging
isang [c]banal na lunsod ng Pa-
nginoon; at itatayo ito sa sam-
bahayan ni Israel—
6 At na isang [a]Bagong Jerusa-
lem ang itatayo sa lupaing ito,
sa mga labi ng mga binhi ni
[b]Jose, kung aling mga bagay ay
may [c]kahalintulad.
7 Sapagkat tulad ng pagdada-
la ni Jose sa kanyang ama sa lu-
pain ng [a]Egipto, maging sa
roon na siya namatay; kaya
nga, dinala ng Panginoon ang
isang labi ng mga binhi ni Jose
sa labas ng lupain ng Jerusa-
lem, upang siya ay maging ma-
awain sa mga binhi ni Jose
nang hindi sila [b]mangasawi,
maging tulad ng pagkaawa
niya sa ama ni Jose upang hindi
siya masawi.
8 Samakatwid, ang labi ng
sambahayan ni Jose ay baba-
ngon sa [a]lupaing ito; at ito ay
magiging lupaing kanilang
mana; at sila ay magtatayo ng
isang banal na lunsod sa Pa-
nginoon, tulad ng Jerusalem

**13** 2*a* Gen. 7:11–24; 8:3.
*b* Eter 2:8.
3*a* 3 Ne. 20:22; 21:23–24. GBK Bagong Jerusalem.
*b* Apoc. 3:12; 21:2.
4*a* GBK Sion.
5*a* GBK Jerusalem.
*b* 1 Ne. 1:18–20.
*c* Apoc. 21:10; 3 Ne. 20:29–36.
6*a* D at T 42:9; 45:66–67; 84:2–5; S ng P 1:10.
*b* GBK Jose, Anak ni Jacob.
*c* Alma 46:24. GBK Pagsagisag.
7*a* Gen. 46:2–7; 47:6.
*b* 2 Ne. 3:5.
8*a* GBK Lupang Pangako.

noong sinauna; at [b]hindi na sila
muli pang malilito, hanggang
sa dumating ang katapusan ka-
pag ang mundo ay lilipas na.
9 At magkakaroon ng [a]bagong
langit at bagong lupa; at matu-
tulad ang mga ito sa sinauna
maliban sa lilipas ang sinauna,
at ang lahat ng bagay ay magi-
ging bago.
10 At pagkatapos ang Bagong
Jerusalem ay matatatag; at pi-
nagpala sila na naninirahan
doon, sapagkat sila ang yaong
[a]mapuputi ang kasuotan sa pa-
mamagitan ng dugo ng Korde-
ro; at sila ang mga yaong nabi-
bilang sa mga binhi ni Jose, na
sambahayan ni Israel.
11 At pagkatapos ang Jerusa-
lem noong sinauna ay matatatag
din; at ang mga naninirahan
doon, pinagpala sila, sapagkat
sila ay hinugasan sa dugo ng
Kordero; at sila ang yaong ikina-
lat at [a]tinipon mula sa apat na
sulok ng mundo, at mula sa mga
bansa sa [b]hilaga, at mga kabaha-
gi sa katuparan ng tipang gina-
wa ng Diyos sa kanilang amang
si [c]Abraham.
12 At kapag nangyari na ang
mga bagay na ito, ay isinasaka-
tuparan ang banal na kasulatan
na nagsabi, sila ang mga yaong
[a]nauna, na mga mahuhuli; at na-
roon silang mga nahuli, na mga
mauuna.
13 At ako sana ay susulat pa,
subalit ako ay pinagbawalan;
subalit dakila at kagila-gilalas
ang mga propesiya ni Eter; su-
balit kanilang itinuring siyang
walang kabuluhan, at itinaboy
siya; at ikinukubli niya ang kan-
yang sarili sa butas ng isang ma-
laking bato sa araw, at sa gabi
siya ay humahayo't tinatanaw
ang mga bagay na nangyayari
sa mga tao.
14 At habang siya ay nama-
malagi sa butas ng isang mala-
king bato ay ginawa niya ang
nalalabi sa talaang ito, tinata-
naw ang mga pagkalipol na
nangyayari sa mga tao, sa gabi.
15 At ito ay nangyari na, na sa
taon ding yaon kung kailan siya
itinaboy mula sa mga tao, nag-
simulang magkaroon ng isang
malaking digmaan sa mga tao,
sapagkat marami ang nag-aklas,
na malalakas na tao, at nagha-
ngad na patayin si Coriantumer
sa pamamagitan ng kanilang
mga lihim na plano ng kasama-
an, na nabanggit na.
16 At ngayon si Coriantumer,
na nakapag-aral, sa kanyang sa-
rili, ng lahat ng kasanayan sa
digmaan at sa lahat ng katusu-
han ng sanlibutan, anupa't siya
ay nakidigma sa kanila na nag-
hahangad na patayin siya.
17 Subalit hindi siya nagsi-
si, ni ang kanyang mga kaaya-
ayang anak na lalaki o anak na
babae; ni ang mga kaaya-ayang

8*b* Moro. 10:31.
9*a* 2 Ped. 3:10–13; Apoc. 21:1; 3 Ne. 26:3; D at T 101:23–25.
10*a* Apoc. 7:14; 1 Ne. 12:10–11; Alma 5:27.
11*a* GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
*b* D at T 133:26–35.
*c* GBK Tipang Abraham.
12*a* Mar. 10:31; 1 Ne. 13:42; Jac. 5:63; D at T 90:9.

anak na lalaki at babae ni Cohor;
ni ang mga kaaya-ayang anak
na lalaki at babae ni Corihor; at
sa madaling salita, walang sinu-
man sa mga kaaya-ayang anak
na lalaki at babae sa ibabaw ng
buong lupain ang nagsisi ng ka-
nilang mga kasalanan.
18 Samakatwid, ito ay nang-
yari na, na sa unang taon ng
pamamalagi ni Eter sa butas ng
isang malaking bato, maraming
tao ang napatay sa pamamagi-
tan ng espada ng mga yaong
[a]lihim na nakikipagsabwatan,
nakikipaglaban kay Coriantu-
mer upang matamo nila ang
kaharian.
19 At ito ay nangyari na, na
ang mga anak na lalaki ni Cori-
antumer ay nakipaglaban nang
husto at maraming umagos na
dugo.
20 At sa ikalawang taon ang
salita ng Panginoon ay ipina-
hayag kay Eter, na siya ay na-
rarapat humayo at magprope-
siya kay [a]Coriantumer na, kung
siya ay magsisisi, at ang kan-
yang buong sambahayan, ipag-
kakaloob ng Panginoon sa kan-
ya ang kanyang kaharian at ili-
ligtas ang mga tao—
21 Kung hindi, sila ay malili-
pol, at ang kanyang buong sam-
bahayan maliban sa kanyang
sarili. At siya ay mabubuhay
lamang upang makita ang ka-
tuparan ng mga propesiyang
nabanggit hinggil sa [a]iba pang
mga tao na makaaangkin sa lu-
pain bilang kanilang mana; at
si Coriantumer ay makatatang-
gap ng libing sa kanila; at lahat
ng kaluluwa ay malilipol mali-
ban kay [b]Coriantumer.
22 At ito ay nangyari na, na si
Coriantumer ay hindi nagsisi, ni
ang kanyang sambahayan, ni
ang mga tao; at ang mga digma-
an ay hindi tumigil; at hinangad
nilang patayin si Eter, subalit
siya ay tumakas sa kanilang
harapan at nagkubling muli sa
butas ng malaking bato.
23 At ito ay nangyari na, na
may lumitaw na isang Sared, at
siya ay nakidigma rin kay Cori-
antumer; at nagapi niya siya,
kung kaya't sa ikatlong taon
siya ay kanyang nadala sa pag-
kabihag.
24 At ang mga anak na lalaki
ni Coriantumer, sa ikaapat na
taon, ay nagapi si Sared, at na-
bawing muli ang kaharian para
sa kanilang ama.
25 Ngayon nagsimulang mag-
karoon ng isang digmaan sa iba-
baw ng buong lupain, bawat tao
kasama ng kanyang pangkat ay
nakikipaglaban para sa yaong
kanyang naisin.
26 At may mga tulisan, at sa
madaling salita, lahat ng uri ng
kasamaan sa ibabaw ng buong
lupain.
27 At ito ay nangyari na, na si
Coriantumer ay labis na nagalit
kay Sared, at siya ay humayo
kasama ang kanyang hukbo la-
ban sa kanya upang makidigma;
at sila ay nagharap sa masid-
hing galit, at sila ay nagharap

18*a* Eter 8:9–26.
20*a* Eter 12:1–2.
21*a* Omni 1:19–21; Eter 11:21.
*b* Eter 15:29–32.

sa lambak ng Gilgal; at ang digmaan ay naging napakasidhi.
28 At ito ay nangyari na, na si Sared ay nakipaglaban sa kanya sa loob ng tatlong araw. At ito ay nangyari na, na nagapi siya ni Coriantumer, at tinugis siya hanggang sa siya ay makarating sa kapatagan ng Heslon.
29 At ito ay nangyari na, na si Sared ay muling nakidigma sa kanya sa kapatagan; at masdan, nagapi niya si Coriantumer, at naitaboy siyang muli pabalik sa lambak ng Gilgal.
30 At si Coriantumer ay muling nakidigma kay Sared sa lambak ng Gilgal, kung saan niya nagapi si Sared at napatay siya.
31 At si Coriantumer ay nasugatan ni Sared sa kanyang hita, kung kaya't hindi siya muling nakidigma sa loob ng dalawang taon, kung saang panahon ang lahat ng tao sa ibabaw ng lupain ay nagsisipagdanak ng dugo, at walang sinuman ang makapipigil sa kanila.

## KABANATA 14

*Ang kasamaan ng mga tao ang nagdala ng sumpa sa lupain—Si Coriantumer ay nakipagsagupaan laban kay Gilead sa isang digmaan, pagkatapos ay kay Lib, at pagkatapos ay kay Shiz—Dugo at pagkatay ang bumalot sa lupain.*

At ngayon nagsimulang magkaroon ng masidhing [a]sumpa sa buong lupain dahil sa kasamaan ng mga tao, kung saan, kapag inilagay ng isang lalaki ang kanyang kagamitan o kanyang espada sa kanyang lalagyan, o sa lugar kung saan man niya ito itinatago, masdan, sa kinabukasan, ay hindi na niya ito matagpuan, napakasidhi ng naging sumpa sa lupain.
2 Kaya nga, ang bawat tao ay hindi binibitiwan ang kanyang pag-aari, ng kanyang mga kamay, at tumangging manghiram o ang siya man ang magpahiram; at bawat tao'y pinananatili ang puluhan ng kanyang espada sa kanyang kanang kamay, sa pagtatanggol ng kanyang ari-arian at kanyang sariling buhay at sa kanyang mga asawa at anak.
3 At ngayon, makalipas ang dalawang taon, at pagkamatay ni Sared, masdan, lumitaw ang kapatid na lalaki ni Sared at siya ay nakidigma kay Coriantumer, kung saan siya ay nagapi ni Coriantumer at tinugis siya sa ilang ng Akis.
4 At ito ay nangyari na, na ang kapatid ni Sared ay nakidigma sa kanya sa ilang ng Akis; at ang digmaan ay naging napakasidhi, at maraming libu-libo ang bumagsak sa pamamagitan ng espada.
5 At ito ay nangyari na, na si Coriantumer ay kumubkob sa ilang; at ang kapatid ni Sared ay humayong palabas ng ilang kinagabihan, at pinatay ang isang bahagi ng hukbo ni Coriantumer, habang sila'y mga lango.

**14** 1*a* Hel. 12:18; 13:17–23; Morm. 1:17–18; 2:10–14.

6 At siya ay nagtungo sa lupain ng Moron, at iniupo ang kanyang sarili sa trono ni Coriantumer.

7 At ito ay nangyari na, na si Coriantumer ay namalagi sa ilang kasama ang kanyang hukbo sa loob ng dalawang taon, kung saan siya nakatanggap ng labis na lakas sa kanyang hukbo.

8 Ngayon, ang kapatid ni Sared na ang pangalan ay Gilead, ay nakatanggap din ng labis na lakas sa kanyang hukbo, dahil sa mga lihim na pakikipagsabwatan.

9 At ito ay nangyari na, na pinaslang siya ng kanyang mataas na saserdote habang nakaupo siya sa kanyang trono.

10 At ito ay nangyari na, na isa sa mga lihim na nakikipagsabwatan ay pinaslang siya sa isang lihim na daanan, at natamo para sa kanyang sarili ang kaharian; at ang pangalan niya ay Lib; at si Lib ay isang lalaking may malaking pangangatawan, higit kaysa sa sinumang lalaki sa lahat ng tao.

11 At ito ay nangyari na, na sa unang taon ni Lib, si Coriantumer ay nagtungo sa lupain ng Moron, at nakidigma kay Lib.

12 At ito ay nangyari na, na siya ay nakipaglaban kay Lib, kung saan siya ay nasaksak ni Lib sa kanyang bisig kung kaya't siya ay nasugatan; gayon pa man, ang hukbo ni Coriantumer ay sumalakay kay Lib, kung kaya't siya ay tumakas sa mga hangganan sa dalampasigan.

13 At ito ay nangyari na, na tinugis siya ni Coriantumer; at si Lib ay nakidigma sa kanya sa dalampasigan.

14 At ito ay nangyari na, na binagabag ni Lib ang hukbo ni Coriantumer, kung kaya't sila ay muling nagsitakas patungo sa ilang ng Akis.

15 At ito ay nangyari na, na tinugis siya ni Lib hanggang sa siya ay makarating sa kapatagan ng Agas. At isinamang lahat ni Coriantumer ang mga tao sa kanya nang siya ay tumakas sa harapan ni Lib sa dakong yaon ng lupain kung saan man siya tumakas.

16 At nang marating niya ang kapatagan ng Agas siya ay nakidigma kay Lib, at kanyang sinaksak siya hanggang sa siya ay mamatay; gayon pa man, ang kapatid na lalaki ni Lib ay sumalakay na kahalili niya laban kay Coriantumer, at ang digmaan ay naging napakasidhi, kung saan si Coriantumer ay muling tumakas sa harapan ng hukbo ng kapatid ni Lib.

17 Ngayon, ang pangalan ng kapatid na lalaki ni Lib ay tinatawag na Shiz. At ito ay nangyari na, na tinugis ni Shiz si Coriantumer, at napabagsak niya ang maraming lunsod, at pinagpapatay niya kapwa kababaihan at maliliit na bata, at pinagsusunog niya ang mga lunsod.

18 At lumaganap ang takot kay Shiz sa lahat ng dako ng buong lupain; oo, isang daing ang lumaganap sa lahat ng dako ng lupain—Sino ang makatitindig

sa harapan ng hukbo ni Shiz? Masdan, pinapalis niya ang lupa sa kanyang harapan!

19 At ito ay nangyari na, na ang mga tao ay nagsimulang sama-samang magtipon sa mga hukbo, sa ibabaw ng buong lupain.

20 At sila ay nahahati; at ang isang bahagi nila ay nagtungo sa hukbo ni Shiz, at ang isang bahagi nila ay nagtungo sa hukbo ni Coriantumer.

21 At napakasidhi at walang katapusan ang digmaan, at napakatagal na ng tagpo ng pagdadanak ng dugo at pagkatay, kung kaya't ang ibabaw ng buong lupain ay nakalatan ng mga [a]katawan ng mga patay.

22 At napakabilis at napakatulin ng digmaan kung kaya't walang naiwan upang ilibing ang mga patay, subalit humayo sila mula sa pagpapadanak ng dugo sa pagpapadanak ng dugo, iniiwanan ang mga katawan ng kapwa kalalakihan, kababaihan, at maliliit na bata nang nakakalat sa ibabaw ng lupain, upang maging pagkain ng mga [a]uod ng laman.

23 At ang amoy niyon ay umalingasaw sa ibabaw ng lupain, maging sa ibabaw ng buong lupain; kaya nga, ang mga tao ay nabahala sa gabi't araw, dahil sa amoy niyon.

24 Gayon pa man, si Shiz ay hindi tumigil sa pagtugis kay Coriantumer; sapagkat siya ay nangakong ipaghihiganti niya ang sarili kay Coriantumer dahil sa dugo ng kanyang kapatid, na napatay, at ang salita ng Panginoon na nagpahayag kay Eter na si Coriantumer ay hindi mapababagsak sa pamamagitan ng espada.

25 At sa gayon nakikita natin, na pinarusahan sila ng Panginoon sa kaganapan ng kanyang kapootan, at ang kanilang kasamaan at mga karumal-dumal na gawain ang nagbigay ng daan para sa kanilang walang hanggang pagkawasak.

26 At ito ay nangyari na, na tinugis ni Shiz si Coriantumer pasilangan, maging sa mga hangganang malapit sa dalampasigan, at doon nakidigma siya kay Shiz sa loob ng tatlong araw.

27 At kakila-kilabot ang naging pagkalipol sa mga hukbo ni Shiz kung kaya't ang mga tao ay nagsimulang matakot, at nagsimulang magsitakas sa harapan ng mga hukbo ni Coriantumer; at sila ay tumakas patungo sa lupain ng Corihor, at pinalis ang mga naninirahan sa harapan nila, lahat ng yaong tumangging umanib sa kanila.

28 At itinayo nila ang kanilang mga tolda sa lambak ng Corihor; at itinayo ni Coriantumer ang kanyang mga tolda sa lambak ng Shur. Ngayon, ang lambak ng Shur ay malapit sa burol ng Comnor; anupa't kinalap ni Coriantumer ang kanyang mga hukbo sa burol ng Comnor, at nagpatunog ng pakakak sa mga hukbo ni Shiz upang anyayahan silang makidigma.

21*a* Eter 11:6.
22*a* Is. 14:9–11.

29 At ito ay nangyari na, na sila ay sumalakay, subalit muling naitaboy; at sila ay sumalakay sa ikalawang pagkakataon, at muli silang naitaboy sa ikalawang pagkakataon. At ito ay nangyari na, na muli silang sumalakay sa ikatlong pagkakataon, at ang digmaan ay naging napakasidhi.

30 At ito ay nangyari na, na pinagsasasaksak ni Shiz si Coriantumer kaya nga kanyang nabigyan siya ng maraming malalim na sugat; at si Coriantumer, dahil sa kawalan niya ng dugo, ay nawalan ng malay, at dinalang palayo na tila bagang siya ay patay na.

31 Ngayon, ang pagkawala ng kalalakihan, kababaihan at maliliit na bata sa magkabilang panig ay napakarami kung kaya't inutusan ni Shiz ang kanyang mga tauhan na huwag na nilang tugisin pa ang mga hukbo ni Coriantumer; kaya nga, sila ay nagsibalik sa kanilang kuta.

## KABANATA 15

*Milyun-milyon sa mga Jaredita ang napatay sa digmaan—Tinipon nina Shiz at Coriantumer ang lahat ng tao para sa mortal na labanan—Ang Espiritu ng Panginoon ay tumigil nang mamalagi sa kanila—Ang bansang Jaredita ay lubusang nalipol—Tanging si Coriantumer ang nalabi.*

AT ito ay nangyari na, nang si Coriantumer ay gumaling sa kanyang mga sugat, nagsimula niyang maalaala ang mga [a]salitang sinabi sa kanya ni Eter.

2 Nakita niyang may napatay na halos dalawang milyon ng kanyang mga tao sa pamamagitan ng espada, at siya ay nagsimulang malungkot sa kanyang puso; oo, may dalawang milyon na ang napatay sa magigiting na kalalakihan, at gayon din ang kanilang mga asawa at kanilang mga anak.

3 Siya ay nagsimulang magsisi sa kasamaang nagawa niya; nagsimula niyang maalaala ang mga salitang sinabi ng bibig ng lahat ng propeta, at nakita niya na ang mga ito ay natutupad na nang unti-unti; bawat kaliit-liitang bagay; at ang kanyang kaluluwa ay nagdalamhati at tumangging maaliw.

4 At ito ay nangyari na, na siya ay sumulat ng isang liham kay Shiz, hinihiling sa kanya na huwag niyang kitlin ang buhay ng mga tao, at isusuko niya ang kaharian alang-alang sa buhay ng mga tao.

5 At ito ay nangyari na, nang matanggap ni Shiz ang kanyang liham siya ay sumulat ng isang liham kay Coriantumer, na kung isusuko niya ang kanyang sarili, upang kanyang mapatay siya sa pamamagitan ng kanyang sariling espada, na hindi na niya kikitlin ang buhay ng mga tao.

6 At ito ay nangyari na, na ang mga tao ay hindi nagsisisi ng kanilang kasamaan; at ang mga

**15** 1*a* Eter 13:20–21.

tao ni Coriantumer ay napukaw sa galit laban sa mga tao ni Shiz; at ang mga tao ni Shiz ay napukaw sa galit laban sa mga tao ni Coriantumer; anupa't ang mga tao ni Shiz ay nakidigma sa mga tao ni Coriantumer.

7 At nang makita ni Coriantumer na malapit na siyang bumagsak siya ay muling tumakas sa harapan ng mga tao ni Shiz.

8 At ito ay nangyari na, na siya ay nakarating sa mga tubig ng Ripliancum, na, sa pagkakasalin, ay malaki, o nakahihigit sa lahat; dahil dito, nang sila ay makarating sa mga tubig na ito ay itinayo nila ang kanilang mga tolda; at itinayo rin ni Shiz ang kanyang mga tolda sa malapit sa kanila; at samakatwid kinabukasan sila ay humayo sa digmaan.

9 At ito ay nangyari na, na sila ay naglaban sa napakasidhing digmaan, kung saan si Coriantumer ay muling nasugatan, at siya ay nawalan ng malay dahil sa kawalan ng dugo.

10 At ito ay nangyari na, na ang mga hukbo ni Coriantumer ay sumalakay sa mga hukbo ni Shiz kung kaya't kanilang nagapi sila, kung kaya't nagawa nilang sila'y patakbuhin sa kanilang harapan; at sila ay tumakas patimog, at itinayo ang kanilang mga tolda sa lugar na tinatawag na Ogat.

11 At ito ay nangyari na, na itinayo ng mga hukbo ni Coriantumer ang kanilang mga tolda sa burol ng Rama; at ito ang yaon ding burol kung saan [a]ikinubli ng aking amang si Mormon ang mga talaan ayon sa Panginoon, na mga banal.

12 At ito ay nangyari na, na magkakasama nilang tinipon ang lahat ng tao sa ibabaw ng buong lupain, na hindi napatay, maliban kay Eter.

13 At ito ay nangyari na, na namasdan ni Eter ang lahat ng gawain ng mga tao; at namasdan niya na ang mga taong pumapanig kay Coriantumer ay tinipon sa hukbo ni Coriantumer; at ang mga taong pumapanig kay Shiz ay tinipon sa hukbo ni Shiz.

14 Samakatwid, sa loob ng apat na taon kanilang tinipon ang mga tao, upang makuha nila ang lahat ng tao sa ibabaw ng lupain, at upang makatanggap sila ng lahat ng lakas na maaari nilang matanggap.

15 At ito ay nangyari na, nang kanilang sama-samang matipon silang lahat, bawat isa sa hukbong nais niya, kasama ang kanilang mga asawa at kanilang mga anak—kapwa kalalakihan, kababaihan at maliliit na bata na nasasandatahan ng mga sandata ng digmaan, may mga kalasag, at [a]baluti sa dibdib, at baluti sa ulo, at nabibihisan alinsunod sa pamamaraan ng digmaan—sila ay humayo laban sa isa't isa upang makidigma; at naglaban sila sa buong maghapon, at walang nagapi.

16 At ito ay nangyari na, nang sumapit ang gabi sila'y napa-

11*a* Morm. 6:6.
15*a* Mos. 8:7–10.

god, at nagpahinga sa kani-kanilang mga kuta; at matapos silang magpahinga sa kanilang mga kuta ay nagsipaghagulgol sila at nanaghoy dahil sa pagkawala ng mga napatay sa kanilang mga tao; at napakalakas ng kanilang mga panangis, ng kanilang mga hagulgol at pananaghoy, kung kaya't niligalig nila nang labis ang buong kapaligiran.
17 At ito ay nangyari na, na sa kinabukasan sila ay muling humayo sa digmaan, at kasindak-sindak at kakila-kilabot ang araw na yaon; gayon pa man, walang nagapi, at nang muling sumapit ang gabi ay niligalig nila ang kapaligiran ng kanilang mga panangis, at kanilang mga hagulgol, at kanilang pagdadalamhati, dahil sa pagkawala ng mga napatay sa kanilang mga tao.
18 At ito ay nangyari na, na si Coriantumer ay muling sumulat ng isang liham kay Shiz, hinihiling na huwag na siyang muli pang humayo upang makidigma, kundi ang kunin niya ang kaharian, at huwag kitlin ang buhay ng mga tao.
19 Subalit masdan, ang Espiritu ng Panginoon ay tumigil na sa pamamatnubay sa kanila, at si [a]Satanas ay may ganap nang kapangyarihan sa mga puso ng mga tao; sapagkat sila ay nagpadala sa katigasan ng kanilang mga puso, at sa pagkabulag ng kanilang mga isipan upang sila ay malipol; anupa't sila ay muling humayo upang makidigma.
20 At ito ay nangyari na, na buong araw silang naglaban, at nang sumapit ang gabi sila ay nagsitulog sa kanilang mga espada.
21 At kinabukasan sila ay naglaban maging hanggang sa sumapit ang gabi.
22 At nang sumapit ang gabi sila ay [a]nalango sa galit, maging tulad ng isang lalaking nalalango sa alak; at muli silang nagsitulog sa kanilang mga espada.
23 At kinabukasan sila ay muling naglaban; at nang sumapit ang gabi silang lahat ay nagsibagsak sa pamamagitan ng espada maliban sa limampu at dalawa sa mga tao ni Coriantumer, at animnapu at siyam sa mga tao ni Shiz.
24 At ito ay nangyari na, na sila ay nagsitulog sa kanilang mga espada nang gabing yaon, at kinabukasan sila ay muling naglaban, at sila ay naglaban sa kanilang lakas sa pamamagitan ng kanilang mga espada at ng kanilang mga pananggalang, sa buong araw na yaon.
25 At nang sumapit ang gabi ay may tatlumpu at dalawa sa mga tao ni Shiz, at dalawampu at pito sa mga tao ni Coriantumer.
26 At ito ay nangyari na, na sila ay kumain at natulog, at naghanda para sa kamatayan kinabukasan. At sila ay malalaki at malalakas na tao tulad ng lakas ng kalalakihan.
27 At ito ay nangyari na, na sila ay naglaban sa loob ng tatlong oras, at sila ay nawalan

19*a* GBK Diyablo.
22*a* Moro. 9:23.

ng malay dahil sa kawalan ng
dugo.
28 At ito ay nangyari na, nang
makatanggap ang mga tauhan
ni Coriantumer ng sapat na
lakas upang sila ay makala-
kad, tatakas na sana sila para
sa kanilang mga buhay; subalit
masdan, si Shiz ay tumindig,
at gayon din ang kanyang mga
tauhan, at siya ay nanumpa sa
kanyang kapootan na papata-
yin niya si Coriantumer o siya
ay masasawi sa pamamagitan
ng espada.
29 Anupa't kanyang tinugis
sila, at kinabukasan sila ay na-
abutan niya; at sila ay muling
naglaban sa pamamagitan ng
espada. At ito ay nangyari na,
nang silang [a]lahat ay nagbag-
sakan na sa pamamagitan ng
espada, maliban kina Corian-
tumer at Shiz, masdan si Shiz
ay nawalan ng malay dahil sa
kawalan ng dugo.
30 At ito ay nangyari na, nang
si Coriantumer ay humilig sa
kanyang espada, nang siya ay
nakapagpahinga nang kaunti,
ay tinagpas niya ang ulo ni Shiz.
31 At ito ay nangyari na, na
matapos niyang tagpasin ang
ulo ni Shiz, na si Shiz ay buma-
ngon sa kanyang mga kamay at
bumagsak; at matapos na mag-
pumilit na huminga, siya ay na-
matay.
32 At ito ay nangyari na, na si
[a]Coriantumer ay bumagsak sa
lupa, at tila bagang wala na si-
yang buhay.
33 At ang Panginoon ay na-
ngusap kay Eter, at sinabi sa
kanya: Humayo ka. At huma-
yo siya, at namasdan na ang la-
hat ng salita ng Panginoon ay
natupad na; at tinapos niya ang
kanyang [a]talaan; (at ang ika-
isandaang bahagi nito ay hin-
di ko isinulat) at ikinubli niya
ito sa isang pamamaraan na na-
tagpuan ito ng mga tauhan ni
Limhi.
34 Ngayon ito ang mga huling
salitang isinulat ni [a]Eter: Ma-
ging loobin man ng Panginoon
na ako'y magbagong-anyo, o na
danasin ko ang loobin ng Pa-
nginoon sa laman, ito'y hindi na
mahalaga, kung maliligtas ako
sa kaharian ng Diyos. Amen.

# ANG AKLAT NI MORONI

## KABANATA 1

*Si Moroni ay sumusulat para sa kapakanan ng mga Lamanita—Ang mga Nephita na hindi nagtatatwa kay Cristo ay pinapatay. Mga A.D. 401–421.*

1 NGAYON ako, si [a]Moroni,
matapos na magawa ang

29*a* Eter 13:20–21.
32*a* Omni 1:20–22.
33*a* Mos. 8:9; Alma 37:21–31; Eter 1:1–5.
34*a* Eter 12:2.
[MORONI]
**1** 1*a* GBK Moroni, Anak ni Mormon.

pagpapaikli ng ulat ng mga tao
ni Jared, na inakala kong hin-
di na makasusulat pa, ngu-
nit ako ay hindi pa nasasawi; at
ako ay hindi nagpapakita sa
mga Lamanita at baka patayin
nila ako.
2 Sapagkat masdan, ang kani-
lang mga [a]digmaan ay lubhang
malupit sa kanilang sarili; at
dahil sa kanilang pagkapoot ay
[b]pinagpapapatay nila ang ba-
wat Nephita na hindi nagtatat-
wa kay Cristo.
3 At ako, si Moroni, ay hindi
[a]itatatwa ang Cristo; kaya nga,
ako ay gumagala sa kung saan
mang dako maaari para sa ka-
ligtasan ng sarili kong buhay.
4 Samakatwid, ako ay susu-
lat pa ng ilang bagay, salungat
doon sa yaong aking inakala;
sapagkat inakala kong hindi na
ako makasusulat pa; ngunit ako
ay susulat ng ilan pang bagay,
na marahil ang mga yaon ay
magiging mahalaga sa aking
mga kapatid, na mga Lamanita,
sa mga darating na araw, alinsu-
nod sa kalooban ng Panginoon.

## KABANATA 2

*Ibinigay ni Jesus sa labindalawang disipulong Nephita ang kapangyarihan ng paggagawad ng kaloob na Espiritu Santo. Mga A.D. 401–421.*

ANG mga salita ni Cristo, na wi-
nika niya sa kanyang mga [a]disi-
pulo, sa labindalawang kanyang
pinili, habang nakapatong ang
kanyang mga kamay sa kani-
la—
2 At kanya silang tinawag sa
pangalan, sinasabing: Kayo ay
mananawagan sa Ama sa aking
pangalan, sa mataimtim na pa-
nalangin; at matapos na inyong
gawin ito, magkakaroon kayo
ng [a]kapangyarihan na sa kan-
ya na inyong papatungan ng
inyong mga [b]kamay, ay ipag-
kakaloob [c]ninyo ang Espiritu
Santo; at sa aking pangalan ibi-
bigay ninyo iyon, sapagkat ga-
yon ang ginagawa ng aking mga
apostol.
3 Ngayon, winika ni Cristo ang
mga salitang ito sa kanila sa pa-
nahon ng kanyang unang pag-
papakita; at hindi ito narinig ng
maraming tao, subalit ang mga
disipulo ay narinig yaon; at ka-
sindami ng kanilang [a]pinatu-
ngan ng kanilang mga kamay,
ay binabaan ng Espiritu Santo.

## KABANATA 3

*Inoordenan ng mga Elder ang mga saserdote at guro sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay. Mga A.D. 401–421.*

ANG pamamaraan kung paano
ang mga disipulo na tinatawag
na mga [a]elder ng simbahan, ay
[b]nag-oorden ng mga saserdote
at guro—

2*a* 1 Ne. 12:20–23.
*b* Alma 45:14.
3*a* Mat. 10:32–33; 3 Ne. 29:5.
**2** 1*a* 3 Ne. 13:25.
2*a* GBK Kapangyarihan.
*b* GBK Kamay, Pagpapatong ng mga.
*c* 3 Ne. 18:37.
3*a* Gawa 19:6.
**3** 1*a* Alma 6:1. GBK Elder.
*b* GBK Ordenan, Pag-oorden.

2 Matapos na sila ay manalangin sa Ama sa pangalan ni Cristo, ipinatong nila ang kanilang mga kamay sa kanila, at sinabing:
3 Sa pangalan ni Jesucristo, inoordenan kitang maging isang saserdote (o, kung siya ay magiging isang guro) inoordenan kitang maging isang guro, upang mangaral ng pagsisisi at [a]kapatawaran ng mga kasalanan sa pamamagitan ni Jesucristo, sa pamamagitan ng pagpapakatatag ng pananampalataya sa kanyang pangalan hanggang sa wakas. Amen.
4 At alinsunod sa ganitong pamamaraan, kanilang [a]inordenan ang mga saserdote at guro, alinsunod sa mga [b]kaloob at panawagan ng Diyos sa mga tao; at kanilang inordenan sila sa pamamagitan ng [c]kapangyarihan ng Espiritu Santo, na nasa kanila.

## KABANATA 4

*Kung paano pinangangasiwaan ng mga elder at saserdote ang pansakramentong tinapay ay ipinaliwanag. Mga* A.D. *401–421.*

ANG [a]pamamaraan ng kanilang mga [b]elder at saserdote sa pangangasiwa ng laman at dugo ni Cristo sa simbahan; at kanilang [c]pinangasiwaan ito alinsunod sa mga kautusan ni Cristo; kaya nga, alam namin na ang pamamaraan ay totoo; at ang elder o saserdote ang nagsilbi niyon.
2 At sila ay lumuhod kasama ng simbahan, at nanalangin sa Ama sa pangalan ni Cristo, sinasabing:
3 O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, kami ay humihiling sa inyo sa pangalan ng inyong Anak, na si Jesucristo, na basbasan at gawing banal ang [a]tinapay na ito sa mga kaluluwa ng lahat nilang kakain nito; nang sila ay makakain bilang [b]pag-alaala sa katawan ng inyong Anak, at patunayan sa inyo, O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, na sila ay pumapayag na taglayin sa kanilang sarili ang [c]pangalan ng inyong Anak, at lagi siyang aalalahanin, at susundin ang kanyang mga kautusan na ibinigay niya sa kanila, nang sa tuwina ay mapasakanila ang kanyang [d]Espiritu upang makasama nila. Amen.

## KABANATA 5

*Ang pamamaraan ng pangangasiwa ng alak ng sakramento ay itinakda. Mga* A.D. *401–421.*

ANG [a]pamamaraan ng pangangasiwa ng alak—Masdan, ka-

3*a* GBK Kapatawaran ng mga Kasalanan.
4*a* D at T 18:32; 20:60.
*b* GBK Kaloob.
*c* 1 Ne. 13:37; Moro. 6:9.
**4** 1*a* 3 Ne. 18:1–7.
*b* GBK Elder.
*c* D at T 20:76–77.
3*a* GBK Sakramento.
*b* Lu. 22:19; 1 Cor. 11:23–24; 3 Ne. 18:7.
*c* GBK Jesucristo—Taglayin ang pangalan ni Jesucristo sa atin.
*d* GBK Espiritu Santo.
**5** 1*a* 3 Ne. 18:8–11; D at T 20:78–79.

nilang kinuha ang saro, at sinabing:
2 O Diyos, ang Amang Walang
Hanggan, kami ay humihiling sa inyo sa pangalan ng inyong Anak, na si Jesucristo, na basbasan at gawing banal ang [a]alak na ito sa mga kaluluwa ng lahat nilang iinom nito, nang ito ay kanilang magawa bilang [b]pag-alaala sa dugo ng inyong Anak, na nabuhos alang-alang sa kanila; nang kanilang mapatunayan sa inyo, O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, na sila sa tuwina ay aalalahanin siya, nang mapasakanila ang kanyang Espiritu upang makasama nila. Amen.

## KABANATA 6

*Ang mga taong nagsisisi ay bibinyagan at kinakaibigan—Ang mga kasapi ng simbahan na nagsisisi ay pinatatawad—Ang mga pagpupulong ay pinamumunuan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Mga A.D. 401–421.*

AT ngayon, ako ay nangungusap hinggil sa [a]pagbibinyag. Masdan, ang mga elder, saserdote, at guro ay bininyagan; at hindi sila bininyagan maliban kung sila ay nagdala ng angkop na bunga na sila ay [b]karapat-dapat dito.
2 Ni hindi nila tinanggap ang
kahit sino sa pagbibinyag maliban kung sila ay lumapit nang may [a]bagbag na puso at nagsisising espiritu, at pinatunayan sa simbahan na sila ay tunay na nagsisisi sa lahat ng kanilang kasalanan.
3 At wala ni isa mang tinang-
gap sa pagbibinyag maliban kung kanilang [a]taglayin ang pangalan ni Cristo, nang may matibay na hangaring maglingkod sa kanya hanggang wakas.
4 At matapos na sila ay ma-
tanggap sa pagbibinyag, at nahikayat at [a]nalinis ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, sila ay napabilang sa mga tao ng simbahan ni Cristo; at ang kanilang mga [b]pangalan ay kinuha, upang sila ay maalaala at mapangalagaan ng mabuting salita ng Diyos, upang mapanatili sila sa tamang daan, upang patuloy silang mapanatili sa [c]mataimtim na panalangin, [d]umaasa lamang sa mga gantimpala ni Cristo, na siyang may [e]akda at tagatapos ng kanilang pananampalataya.
5 At ang mga kasapi sa [a]sim-
bahan ay [b]madalas na nagti-

2*a* D at T 27:2–4. GBK Sakramento.
*b* Lu. 22:19–20; 1 Cor. 11:25.
**6** 1*a* GBK Pagbibinyag, Binyagan.
*b* GBK Karapat-dapat, Pagiging Karapat-dapat.
2*a* GBK Bagbag na Puso.
3*a* GBK Jesucristo—Taglayin ang pangalan ni Jesucristo sa atin.
4*a* GBK Dalisay, Kadalisayan.
*b* D at T 20:82.
*c* Alma 34:39; 3 Ne. 18:15–18.
*d* 2 Ne. 31:19; D at T 3:20.
*e* Heb. 12:2.
5*a* GBK Simbahan ni Jesucristo.
*b* 3 Ne. 18:22; 4 Ne. 1:12; D at T 88:76.

tipun-tipon upang [c]mag-ayuno
at manalangin, at makipag-
usap sa bawat isa hinggil sa
kapakanan ng kanilang mga
kaluluwa.
6 At sila ay madalas magtipun-
tipong magkakasama upang
makibahagi sa tinapay at alak,
sa pag-alaala sa Panginoong
Jesus.
7 At sila ay mahigpit na sumu-
nod upang [a]huwag magkaroon
ng kasamaan sa kanila; at sinu-
man ang natagpuang gumawa
ng kasalanan, at [b]tatlong saksi
ng simbahan ang humatol sa ka-
nila sa harapan ng mga [c]elder, at
kung hindi sila nagsisi, at hindi
[d]nagtapat, ang kanilang mga pa-
ngalan ay [e]binubura, at hindi
na sila ibinibilang sa mga tao
ni Cristo.
8 Ngunit [a]kasindalas na sila ay
magsisi at humingi ng kapata-
waran, nang may tunay na layu-
nin, sila ay [b]pinatatawad.
9 At ang kanilang mga pag-
pupulong ay [a]pinamunuan ng
simbahan alinsunod sa pama-
maraan ng pamamatnubay ng
Espiritu, at sa pamamagitan ng
kapangyarihan ng [b]Espiritu
Santo; sapagkat ang kapang-
yarihan ng Espiritu Santo ang
umaakay sa kanila kung ma-
ngangaral, o magpapayo, o ma-
nanalangin, o magsusumamo, o
aawit, maging sa gayon ito
naganap.

## KABANATA 7

*Isang paanyayang pumasok sa kapahingahan ng Panginoon ay ibinigay —Manalangin nang may tunay na layunin—Ang Espiritu ni Cristo ang nagtutulot sa mga tao na malaman ang mabuti sa masama—Hinihikayat ni Satanas ang mga tao na itatwa si Cristo at gumawa ng masama—Ipinahahayag ng mga propeta ang pagparito ni Cristo—Sa pamamagitan ng pananampalataya, ang mga himala ay ginagawa at ang mga anghel ay naglilingkod—Ang mga tao ay nararapat umasa sa buhay na walang hanggan at yumakap sa pag-ibig sa kapwa-tao. Mga A.D. 401–421.*

At ngayon, ako si Moroni, ay
isinusulat ang ilan sa mga sali-
ta ng aking amang si Mormon,
na kanyang winika hinggil sa
[a]pananampalataya, pag-asa, at
pag-ibig sa kapwa-tao; sapag-
kat alinsunod sa ganitong pa-
mamaraan siya nangusap sa
mga tao, habang siya ay nagtu-
turo sa kanila sa sinagogang
kanilang itinayo para sa pook
ng sambahan.
2 At ngayon ako, si Mormon,
ay nangungusap sa inyo, mga
minamahal kong kapatid; at ito
ay sa pamamagitan ng biyaya
ng Diyos Ama, at ng ating Pa-
nginoong Jesucristo, at kanyang
banal na kalooban, dahil sa ka-
loob ng kanyang [a]pagtawag sa

5*c* GBK Ayuno, Pag-aayuno.
7*a* D at T 20:54.
*b* D at T 42:80–81. GBK Saksi.
*c* Alma 6:1. GBK Elder.
*d* GBK Pagtatapat, Magtapat.
*e* Ex. 32:33; D at T 20:83. GBK Pagtitiwalag.
8*a* Mos. 26:30–31.
*b* GBK Magpatawad.
9*a* D at T 20:45; 46:2.
*b* GBK Espiritu Santo.
**7** 1*a* 1 Cor. 13:1–13; Eter 12:3–22, 27–37; Moro. 8:14; 10:20–23.
2*a* GBK Tawag, Tinawag ng Diyos, Pagkakatawag.

akin, na ako ay pinayagang ma-
ngusap sa inyo sa panahong ito.
3 Dahil dito, ako ay mangu-
ngusap sa inyo na nasa simba-
han, na mga mapamayapang
tagasunod ni Cristo, at na nag-
karoon ng sapat na pag-asa
kung saan kayo ay makapapa-
sok sa [a]kapahingahan ng Pa-
nginoon, simula sa panahong
ito hanggang sa kayo ay mama-
hingang kasama niya sa langit.
4 At ngayon, mga kapatid ko,
inihahatol ko ang mga bagay na
ito sa inyo dahil sa inyong ma-
payapang [a]paglalakad kasama
ng mga anak ng tao.
5 Sapagkat aking natatandaan
ang salita ng Diyos na nagsa-
sabing sa pamamagitan ng ka-
nilang mga gawa inyo silang
[a]makikilala; sapagkat kung ang
kanilang mga gawa ay mabu-
buti, kung gayon, sila ay mabu-
buti rin.
6 Sapagkat masdan, winika ng
Diyos na ang isang taong [a]ma-
sama ay hindi maaaring guma-
wa ng yaong mabuti; sapagkat
kung siya ay mag-aalay ng han-
dog, o [b]mananalangin sa Diyos,
maliban kung ito ay gagawin
niya nang may tunay na layu-
nin, ito ay walang kapakinaba-
ngan sa kanya.
7 Sapagkat masdan, ito ay
hindi ibibilang sa kanya para
sa kabutihan.
8 Sapagkat masdan, kung ang
isang taong [a]masama ay nagbi-
bigay ng isang handog, ginaga-
wa niya iyon nang [b]laban sa
kalooban; anupa't ito ay ibinibi-
lang sa kanya na parang nana-
tili pa rin sa kanya ang handog;
kaya nga siya ay ibibilang na
masama sa harapan ng Diyos.
9 At gayon din, ibinibilang na
masama sa isang tao, kung siya
ay mananalangin at walang [a]tu-
nay na layunin sa puso; oo, at
ito ay walang kapakinabangan
sa kanya, sapagkat ang Diyos ay
walang tinatanggap na gayon.
10 Anupa't ang isang taong
masama ay hindi makagagawa
ng yaong mabuti; ni hindi siya
makapagbibigay ng mabuting
handog.
11 Sapagkat masdan, ang ma-
pait na [a]bukal ay hindi maka-
pagbibigay ng mabuting tubig;
ni ang mabuting bukal ay ma-
kapagbibigay ng mapait na tu-
big; kaya nga, ang isang tao na
tagapaglingkod ng diyablo ay
hindi maaaring sumunod kay
Cristo; at kung siya ay [b]sumu-
sunod kay Cristo, siya ay hindi
maaaring maging isang taga-
paglingkod ng diyablo.
12 Anupa't lahat ng bagay
na [a]mabuti ay nagmumula sa
Diyos; at yaong [b]masama ay
nagmumula sa diyablo; sapag-
kat ang diyablo ay kaaway ng
Diyos, at patuloy na nakikipag-
laban sa kanya, at nag-aanyaya

3*a* GBK Kapahingahan.
4*a* 1 Juan 2:6; D at T 19:23.
5*a* 3 Ne. 14:15–20.
6*a* Mat. 7:15–18.
*b* Alma 34:28. GBK Panalangin.
8*a* Kaw. 15:8.
*b* D at T 64:34.
9*a* Sant. 1:6–7; 5:16; Moro. 10:4.
11*a* Sant. 3:11–12.
*b* Mat. 6:24; 2 Ne. 31:10–13; D at T 56:2.
12*a* Sant. 1:17; 1 Juan 4:1–2; Eter 4:12.
*b* Alma 5:39–42.

at nang-aakit na [c]magkasala, at patuloy na gawin ang yaong bagay na masama;

13 Ngunit masdan, yaong sa Diyos ay nag-aanyaya at nang-aakit na patuloy na gumawa ng mabuti; kaya nga, bawat bagay na nag-aanyaya at [a]nang-aakit na gumawa ng mabuti, at ibigin ang Diyos, at maglingkod sa kanya ay [b]pinapatnubayan ng Diyos.

14 Samakatwid, mag-ingat, mga minamahal kong kapatid, na huwag kayong humatol na yaong [a]masama ay sa Diyos, o yaong mabuti at sa Diyos ay sa diyablo.

15 Sapagkat masdan, mga kapatid, ibinibigay sa inyo na [a]humatol, upang malaman ninyo ang mabuti sa masama; at ang paraan ng paghahatol ay kasingliwanag, nang inyong malaman nang may ganap na kaalaman, ng liwanag ng araw mula sa kadiliman ng gabi.

16 Sapagkat masdan, ang [a]Espiritu ni Cristo ay ipinagkakaloob sa bawat tao, upang [b]malaman niya ang mabuti sa masama; samakatwid, ipakikita ko sa inyo ang paraan sa paghatol; sapagkat ang bawat bagay na nag-aanyayang gumawa ng mabuti, at humihikayat na maniwala kay Cristo, ay isinugo sa pamamagitan ng kapangyarihan at kaloob ni Cristo; kaya nga, malalaman ninyo nang may ganap na kaalaman na iyon ay sa Diyos.

17 Ngunit anumang bagay na humihikayat sa tao na gumawa ng [a]masama, at huwag maniwala kay Cristo, at itinatatwa siya, at huwag maglingkod sa Diyos, kung magkagayon, malalaman ninyo nang may ganap na kaalaman na iyon ay sa diyablo; sapagkat sa ganitong pamamaraan gumagawa ang diyablo, sapagkat hindi niya hinihikayat ang sinumang tao na gumawa ng mabuti, wala, kahit isa; ni ang kanyang mga anghel; ni sila na nagpapasakop ng kanilang sarili sa kanya.

18 At ngayon, mga kapatid ko, dahil sa inyong nalalaman ang liwanag kung paano kayo ay makahahatol, kung aling liwanag ay [a]liwanag ni Cristo, tiyakin ninyo na hindi kayo humahatol nang mali; sapagkat sa gayon ding [b]kahatulan kung paano kayo naghahatol, kayo ay gayon din hahatulan.

19 Kaya nga, ako ay sumasamo sa inyo, mga kapatid, na masigasig na saliksikin ninyo ang [a]liwanag ni Cristo upang inyong malaman ang mabuti sa masama; at kung kayo ay mananangan sa bawat mabuting bagay, at hindi ito susumpain, kayo ay

---

12*c* Hel. 6:30.
GBK Kasalanan.
13*a* 2 Ne. 33:4; Eter 8:26.
*b* GBK Inspirasyon.
14*a* Is. 5:20; 2 Ne. 15:20.
15*a* GBK Pagkilala, Kaloob na.
16*a* GBK Budhi; Ilaw, Liwanag ni Cristo.
*b* Gen. 3:5; 2 Ne. 2:5, 18, 26; Mos. 16:3; Alma 29:5; Hel. 14:31.
17*a* GBK Kasalanan.
18*a* Mos. 16:9; D at T 50:24; 88:7–13. GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo.
*b* PJS, Mat. 7:1–2; Lu. 6:37; Juan 7:24.
19*a* D at T 84:45–46.

tiyak na magiging isang [b]anak ni
Cristo.
20 At ngayon, aking mga kapatid, paano mangyayari na kayo ay makakapanangan sa bawat mabuting bagay?
21 At ngayon, dadako ako sa gayong pananampalataya, na kung alin ay nais kong wikain; at sasabihin ko sa inyo ang paraan upang kayo ay makapanangan sa bawat mabuting bagay.
22 Sapagkat masdan, ang Diyos na [a]nakaaalam sa lahat ng bagay, na nagmula sa kawalang-hanggan hanggang sa kawalang-hanggan, masdan, isinugo niya ang mga [b]anghel upang maglingkod sa mga anak ng tao, upang ipaalam ang hinggil sa pagparito ni Cristo; at kay Cristo nagmumula ang bawat mabuting bagay.
23 At ang Diyos ay nagpahayag din sa mga propeta, sa pamamagitan ng sarili niyang bibig, na si Cristo ay paparito.
24 At masdan, may iba't ibang mga paraan na kanyang ipinaalam ang mga bagay sa mga anak ng tao, kung alin ay mabubuti; at ang lahat ng bagay na mabubuti ay nagmumula kay Cristo; kung hindi, ang tao ay [a]nahulog, at walang mabuting bagay ang darating sa kanila.
25 Samakatwid, sa pamamagitan ng paglilingkod ng mga [a]anghel, at sa pamamagitan ng bawat salitang namumutawi sa bibig ng Diyos, ang tao ay nagsimulang manampalataya kay Cristo; at sa gayon, sa pamamagitan ng pananampalataya, sila ay nanangan sa bawat mabuting bagay; at sa gayon nga iyon hanggang sa pagparito ni Cristo.
26 At pagkaraang pumarito siya, ang tao ay naligtas din sa pamamagitan ng pananampalataya sa kanyang pangalan; at sa pamamagitan ng pananampalataya, sila ay naging mga anak ng Diyos. At kasintiyak na buhay si Cristo ay winika niya ang mga salitang ito sa ating mga ama, sinasabing: [a]Kahit anong bagay ang inyong hihilingin sa Ama sa aking pangalan, kung alin ay mabuti, nang may pananampalataya, naniniwalang iyon ay matatanggap ninyo, masdan, iyon ay gagawin sa inyo.
27 Samakatwid, mga minamahal kong kapatid, tumigil na ba ang mga [a]himala dahil sa si Cristo ay umakyat na sa langit, at umupo sa kanang kamay ng Diyos, upang [b]angkinin sa Ama ang kanyang mga karapatan ng awa na mayroon siya sa mga anak ng tao?
28 Sapagkat kanyang tinugon ang mga layunin ng batas, at kanyang inaangkin ang lahat ng yaong may pananampalataya sa kanya; at sila na may pa-

19*b* Mos. 15:10–12; 27:25. GBK Anak na Lalaki at Babae ng Diyos, Mga.
22*a* GBK Diyos, Panguluhang Diyos.
*b* Moi. 5:58. GBK Anghel, Mga.
24*a* 2 Ne. 2:5.
25*a* Alma 12:28–30.
26*a* 3 Ne. 18:20. GBK Panalangin.
27*a* GBK Himala.
*b* Is. 53:12; Mos. 14:12.

nanampalataya sa kanya ay [a]kakapit sa bawat mabuting bagay; anupa't [b]ipinagtatanggol niya ang kapakanan ng mga anak ng tao; at siya ay nananahanang walang hanggan sa kalangitan.
29 At dahil kanyang ginawa ito, mga minamahal kong kapatid, tumigil ba ang mga himala? Masdan sinasabi ko sa inyo, Hindi; ni ang mga anghel ay hindi tumitigil sa paglilingkod sa mga anak ng tao.
30 Sapagkat masdan, sila ay nasasakop niya, upang maglingkod alinsunod sa salita ng kanyang utos, ipinakikita ang kanilang sarili sa kanila na may matibay na pananampalataya at may matatag na isipan sa bawat anyo ng kabanalan.
31 At ang katungkulan ng kanilang ministeryo ay tawagin ang tao sa pagsisisi, at na tuparin at isagawa ang mga tipan ng Ama, na kanyang ginawa sa mga anak ng tao, upang ihanda ang daan sa mga anak ng tao, sa pamamagitan ng pagpapahayag ng salita ni Cristo sa mga piling sisidlan ng Panginoon, upang sila ay magpatotoo sa kanya.
32 At sa pamamagitan ng paggawa nang gayon, inihahanda ng Panginoong Diyos ang daan upang ang nalalabi sa mga tao ay magkaroon ng [a]pananampalataya kay Cristo, upang ang Espiritu Santo ay magkaroon ng puwang sa kanilang mga puso, alinsunod sa kapangyarihan niyon; at alinsunod sa ganitong pamamaraan pinapangyayari ng Ama, ang mga tipang kanyang ginawa sa mga anak ng tao.
33 At winika ni Cristo: [a]Kung kayo ay magkakaroon ng pananampalataya sa akin, magkakaroon kayo ng kapangyarihang gawin kahit na anong bagay na [b]kapaki-pakinabang sa akin.
34 At kanyang winika: [a]Magsisi kayong lahat na nasa mga dulo ng mundo, at lumapit sa akin, at magpabinyag sa aking pangalan, at magkaroon ng pananampalataya sa akin, upang kayo ay maligtas.
35 At ngayon, mga minamahal kong kapatid, kung ganito ang pangyayari na ang mga bagay na ito ay totoo na sinabi ko sa inyo, at patutunayan sa inyo ng Diyos, sa [a]kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian sa huling [b]araw, na ang mga yaon ay totoo, at kung ang mga yaon ay totoo, tumigil na ba ang araw ng mga himala?
36 O ang mga anghel ba ay huminto ng pagpapakita sa mga anak ng tao? O kanya bang [a]ipinagkait ang kapangyarihan ng Espiritu Santo sa kanila? O kanya ba, habang ang panahon ay magtatagal, o ang mundo ay nakatindig, o mayroon pa bang isang tao sa ibabaw ng lupa na nararapat iligtas?

28*a* Rom. 12:9; D at T 98:11.
*b* 1 Juan 2:1; 2 Ne. 2:9. GBK Tagapamagitan.
32*a* GBK Pananampalataya.
33*a* Mat. 17:20.
*b* D at T 88:64–65.
34*a* 3 Ne. 27:20; Eter 4:18.
35*a* 2 Ne. 33:11.
*b* D at T 35:8.
36*a* Moro. 10:4–5, 7, 19.

37 Masdan, sinasabi ko sa inyo, Hindi; sapagkat sa pamamagitan ng pananampalataya ang mga [a]himala ay nagagawa at sa pamamagitan ng pananampalataya ang mga anghel ay nagpapakita at naglilingkod sa mga anak ng tao; kaya nga, kung ang mga bagay na ito ay tumigil, sa aba sa mga anak ng tao, sapagkat ito ay dahil sa kanilang [b]kawalang-paniniwala, at lahat ay walang saysay.

38 Sapagkat walang taong maliligtas, alinsunod sa mga salita ni Cristo, maliban kung sila ay magkakaroon ng pananampalataya sa kanyang pangalan; kaya nga, kung ang mga bagay na ito ay tumigil, kung gayon ay tumigil na rin ang pananampalataya; at kakila-kilabot ang kalagayan ng tao, sapagkat sila ay tulad din na parang walang pagtubos na ginawa.

39 Ngunit masdan, mga minamahal kong kapatid, ako ay humahatol ng higit na mabubuting bagay sa inyo, sapagkat hinahatulan ko kayo na kayo ay may pananampalataya kay Cristo dahil sa inyong kababaang-loob; sapagkat kung wala kayong pananampalataya sa kanya, kung gayon, hindi kayo [a]karapat-dapat na mabilang sa mga tao ng kanyang simbahan.

40 At muli, mga minamahal kong kapatid, ako ay mangungusap sa inyo hinggil sa [a]pag-asa. Paanong kayo ay makaaabot sa pananampalataya, maliban kung kayo ay magkakaroon ng pag-asa?

41 At ano ito na inyong [a]aasahan? Masdan, sinasabi ko sa inyo na kayo ay magkakaroon ng [b]pag-asa sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo at sa kapangyarihan ng kanyang pagkabuhay na mag-uli, na ibabangon tungo sa [c]buhay na walang hanggan, at ito ay dahil sa inyong pananampalataya sa kanya alinsunod sa pangako.

42 Kaya nga, kung ang isang tao ay may [a]pananampalataya siya ay [b]kinakailangang magkaroon ng pag-asa; sapagkat kung walang pananampalataya ay hindi magkakaroon ng kahit na anong pag-asa.

43 At muli, masdan, sinasabi ko sa inyo, na hindi siya maaaring magkaroon ng pananampalataya at pag-asa, maliban kung siya ay maging [a]maamo at may mapagpakumbabang puso.

44 Kung sakali man, ang kanyang [a]pananampalataya at pag-asa ay walang saysay, sapagkat walang isa mang katanggap-tanggap sa Diyos, maliban sa mababang-loob at may mapagpakumbabang puso; at kung

37*a* Mat. 13:58; Morm. 9:20; Eter 12:12–18.
*b* Moro. 10:19–24.
39*a* GBK Karapat-dapat, Pagiging Karapat-dapat.
40*a* Eter 12:4. GBK Pag-asa.
41*a* D at T 138:14.
*b* Tit. 1:2; Jac. 4:4; Alma 25:16; Moro. 9:25.
*c* GBK Buhay na Walang Hanggan.
42*a* GBK Pananampalataya.
*b* Moro. 10:20.
43*a* GBK Maamo, Kaamuan.
44*a* Alma 7:24; Eter 12:28–34.

ang isang tao ay maamo at may
mapagpakumbabang puso, at
[b]kinikilala sa pamamagitan ng
kapangyarihan ng Espiritu Santo na si Jesus ang Cristo, kailangang magkaroon siya ng
pag-ibig sa kapwa-tao; sapagkat kung wala siyang pag-ibig
sa kapwa-tao ay wala siyang
kabuluhan; anupa't kailangan
niyang magkaroon ng pag-ibig
sa kapwa-tao.
45 At ang [a]pag-ibig sa kapwatao ay nagtitiis nang matagal,
at mabait, at hindi [b]naiinggit, at
hindi palalo, hindi naghahangad
para sa kanyang sarili, hindi kaagad nagagalit, hindi nag-iisip
ng masama, at hindi nagagalak sa kasamaan kundi nagagalak sa katotohanan, binabata
ang lahat ng bagay, naniniwala
sa lahat ng bagay, umaasa sa
lahat ng bagay, nagtitiis sa lahat
ng bagay.
46 Kaya nga, mga minamahal kong kapatid, kung wala
kayong pag-ibig sa kapwa-tao,
wala kayong kabuluhan, sapagkat ang pag-ibig sa kapwa-tao
kailanman ay hindi nagkukulang. Kaya nga, manangan sa
pag-ibig sa kapwa-tao, na pinakadakila sa lahat, sapagkat
ang lahat ng bagay ay nagkukulang—
47 Datapwat ang [a]pag-ibig sa
kapwa-tao ay dalisay na [b]pagibig ni Cristo, at iyon ay nagtitiis
magpakailanman; at sinumang
matagpuang mayroon nito sa
huling araw, ay makabubuti sa
kanya.
48 Kaya nga, mga minamahal
kong kapatid, [a]manalangin sa
Ama nang buong lakas ng puso,
nang kayo ay mapuspos ng ganitong pag-ibig, na kanyang
ipinagkaloob sa lahat na tunay
na mga [b]tagasunod ng kanyang
Anak, si Jesucristo; upang kayo
ay maging mga anak ng Diyos;
na kung siya ay magpapakita,
tayo ay magiging [c]katulad niya,
sapagkat makikita natin siya bilang siya; upang tayo ay magkaroon ng ganitong pag-asa;
upang tayo ay [d]mapadalisay
maging katulad niya na dalisay. Amen.

## KABANATA 8

*Ang pagbibinyag sa maliliit na bata ay isang masamang karumal-dumal na gawain—Ang maliliit na bata ay buhay kay Cristo dahil sa Pagbabayad-sala—Pananampalataya, pagsisisi, kaamuan at mapagpakumbabang puso, pagtanggap ng Espiritu Santo, at pagtitiis hanggang wakas ang nag-aakay tungo sa kaligtasan. Mga* A.D. *401–421.*

ANG liham ng aking [a]amang si

44*b* Lu. 12:8–9. GBK Pagtatapat, Magtapat; Patotoo.
45*a* 1 Cor. 13:1–13.
*b* GBK Inggit.
47*a* 2 Ne. 26:30. GBK Pag-ibig sa Kapwa-tao.
*b* Jos. 22:5. GBK Pagmamahal.
48*a* GBK Panalangin.
*b* GBK Jesucristo—Halimbawa ni Jesucristo; Pagsunod, Masunurin, Sumunod.
*c* 1 Juan 3:1–3; 3 Ne. 27:27.
*d* 3 Ne. 19:28–29. GBK Dalisay, Kadalisayan.
**8** 1*a* S ni M 1:1.

Mormon, na isinulat sa akin, si
Moroni; at iyon ay isinulat sa
akin kaagad pagkatapos ng pag-
katawag sa akin sa ministeryo.
At sa ganitong paraan siya su-
mulat sa akin, sinasabing:
2 Minamahal kong anak, Mo-
roni, ako ay labis na nagagalak
na ang Panginoong Jesucristo
ay naging maalalahanin sa iyo,
at tinawag ka sa kanyang minis-
teryo, at sa kanyang banal na ga-
wain.
3 Lagi kitang naaalaala sa
aking mga panalangin, patuloy
na dumadalangin sa Diyos Ama
sa pangalan ng kanyang Banal
na Anak, na si Jesus, na siya, sa
pamamagitan ng kanyang wa-
lang hanggang [a]kabutihan at
[b]biyaya, ay ingatan ka sa pama-
magitan ng tatag ng pananam-
palataya sa kanyang pangalan
hanggang wakas.
4 At ngayon, anak ko, ako
ay nangungusap sa iyo hinggil
doon sa labis na nakapagpapa-
dalamhati sa akin; sapagkat na-
kapagpapadalamhati sa akin na
may mga [a]pagtatalong lumili-
taw sa inyo.
5 Sapagkat, kung nalaman ko
ang katotohanan, na nagkaroon
ng mga pagtatalo sa inyo hing-
gil sa pagbibinyag sa maliliit na
anak ninyo.
6 At ngayon, anak ko, nais ko
na ikaw ay masigasig na mag-
pagal, upang ang malaking ka-
maliang ito ay maalis sa inyo;
sapagkat, sa ganitong layunin
sinulat ko ang liham na ito.
7 Sapagkat kapagdaka, mata-
pos na aking malaman ang mga
bagay na ito mula sa iyo, ako ay
nagtanong sa Panginoon hinggil
sa bagay na iyon. At ang [a]salita
ng Panginoon ay nagpahayag
sa akin sa pamamagitan ng ka-
pangyarihan ng Espiritu Santo,
sinasabing:
8 Makinig sa mga salita ni
Cristo, na iyong Manunubos,
na iyong Panginoon at iyong
Diyos. Masdan, ako ay pumari-
to sa daigdig hindi upang ta-
wagin ang mabubuti kundi ang
mga makasalanan sa pagsisisi;
ang mga [a]walang sakit ay hin-
di nangangailangan ng mang-
gagamot, kundi sila na mayka-
ramdaman; kaya nga, ang ma-
liliit na [b]bata ay [c]buo, sapagkat
wala silang kakayahang guma-
wa ng [d]kasalanan; dahil dito,
ang sumpa kay [e]Adan ay kinu-
ha mula sa kanila dahil sa akin,
kung kaya't iyon ay walang ka-
pangyarihan sa kanila; at ang
batas ng [f]pagtutuli ay natapos
na sa akin.
9 At sa ganitong pamamara-
an ipinaalam ng Espiritu Santo
ang salita ng Diyos sa akin; da-
hil dito, minamahal kong anak,
alam ko na isang malubhang pa-
ngungutya sa harapan ng Diyos,
na inyong binyagan ang malili-
it na bata.
10 Masdan, sinasabi ko sa iyo

3*a* Mos. 4:11.
*b* GBK Biyaya.
4*a* 3 Ne. 11:22, 28; 18:34.
7*a* GBK Salita ng Diyos.
8*a* Mar. 2:17.
*b* Mar. 10:13–16.
*c* Mos. 3:16; D at T 74:7.
*d* GBK Kasalanan.
*e* 2 Ne. 2:25–27. GBK Pagkahulog nina Adan at Eva.
*f* Gen. 17:10–11. GBK Pagtutuli.

na ituro mo ang bagay na ito—
pagsisisi at pagbibinyag sa mga
yaong may [a]pananagutan at
may kakayahang gumawa ng
kasalanan; oo, turuan ang mga
magulang na sila ay kinakaila-
ngang magsisi at magpabinyag,
at magpakumbaba ng kanilang
sarili katulad ng kanilang mali-
liit na [b]anak, at silang lahat ay
maliligtas kasama ng kanilang
maliliit na anak.
11 At ang kanilang maliliit na
[a]anak ay hindi nangangailangan
ng pagsisisi, ni ng binyag. Mas-
dan, ang binyag ay tungo sa
pagsisisi sa katuparan ng mga
kautusan para sa [b]kapatawaran
ng mga kasalanan.
12 Subalit ang maliliit na [a]bata
ay buhay kay Cristo, maging
mula pa sa pagkakatatag ng
daigdig; kung hindi gayon, ang
Diyos ay isang may pagkiling
na Diyos, at isa ring pabagu-ba-
gong Diyos, at may [b]pagtatangi
sa mga tao; sapagkat kayraming
maliit na bata ang mga nanga-
matay nang walang binyag!
13 Samakatwid, kung ang ma-
liliit na bata ay hindi maliligtas
kung walang binyag, sila ay ti-
yak na matutungo sa isang wa-
lang katapusang impiyerno.
14 Masdan, sinasabi ko sa inyo,
siya na nag-aakala na ang mali-
liit na bata ay nangangailangan
ng binyag ay nasa sukdulan ng
kapaitan at nasa mga gapos ng
kasamaan; sapagkat siya ay
wala ni [a]pananampalataya, pag-
asa, o pag-ibig sa kapwa-tao;
anupa't kung siya ay mahihiwa-
lay habang nasa ganoong pag-
iisip, siya ay kinakailangang bu-
maba sa impiyerno.
15 Sapagkat kakila-kilabot na
kasamaan ang akalaing iniligtas
ng Diyos ang isang bata dahil sa
binyag, at ang isa ay kinakaila-
ngang masawi dahil sa wala si-
yang binyag.
16 Sa aba nila na magliligaw
sa mga landas ng Panginoon sa
ganitong pamamaraan, sapag-
kat sila ay masasawi maliban
kung sila ay magsisisi. Masdan,
ako ay nangungusap nang bu-
ong tapang, sapagkat may [a]ka-
rapatan mula sa Diyos; at hindi
ako natatakot kung anuman ang
magagawa ng tao; sapagkat ang
ganap na [b]pag-ibig ay [c]nagwa-
waksi ng lahat ng takot.
17 At ako ay puspos ng [a]pag-
ibig sa kapwa-tao, ang walang
hanggang pag-ibig; anupa't ang
maliliit na bata ay magkakatu-
lad sa akin; kaya nga, mahal ko
ang maliliit na [b]bata nang ga-
nap na pag-ibig; at silang lahat
ay magkakatulad at mga kaba-
hagi sa kaligtasan.
18 Sapagkat nalalaman ko na

10*a* GBK Mananagot, Pananagutan, May Pananagutan.
*b* GBK Bata, Mga Bata; Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba.
11*a* GBK Pagbibinyag, Binyagan—Mga hinihingi para sa pagbibinyag; Bata, Mga Bata.
*b* GBK Kapatawaran ng mga Kasalanan.
12*a* D at T 29:46–47; 93:38.
*b* Ef. 6:9; 2 Ne. 26:33; D at T 38:16.
14*a* 1 Cor. 13:1–13; Eter 12:6; Moro. 7:25–28; 10:20–23.
16*a* GBK Karapatan.
*b* GBK Pagmamahal.
*c* 1 Juan 4:18.
17*a* GBK Pag-ibig sa Kapwa-tao.
*b* Mos. 3:16–19.

ang Diyos ay hindi isang Diyos na may pagkiling, ni isang pabagu-bagong katauhan; kundi siya ay [a]hindi pabagu-bago mula sa [b]lahat ng kawalang-hanggan hanggang sa lahat ng kawalang-hanggan.

19 Ang maliliit na [a]bata ay hindi makapagsisisi; kaya nga, kakila-kilabot na kasamaan ang itatwa ang mga dalisay na awa ng Diyos sa kanila, sapagkat sila ay buhay na lahat sa kanya dahil sa kanyang [b]awa.

20 At siya na nagsasabi na ang maliliit na bata ay nangangailangan ng binyag ay itinatatwa ang mga awa ni Cristo, at pinawawalang-kabuluhan ang kanyang [a]pagbabayad-sala at ang kapangyarihan ng kanyang pagtubos.

21 Sa aba sa gayon, sapagkat sila ay nanganganib sa kamatayan, [a]impiyerno, at isang [b]walang katapusang pagdurusa. Buong tapang kong sinasabi ito; Diyos ang nag-utos sa akin. Makinig sa mga iyon at sumunod, o ang mga iyon ay sasaksi laban sa iyo sa [c]hukumang-luklukan ni Cristo.

22 Sapagkat masdan, ang lahat ng maliit na bata ay [a]buhay kay Cristo, at gayundin sa kanilang lahat na wala ang [b]batas. Sapagkat ang kapangyarihan ng [c]pagtubos ay mapapasakanilang lahat na wala ang batas; kaya nga, siya na hindi isinumpa, o siya na hindi napasaiilalim ng sumpa, ay hindi makapagsisisi; at sa mga gayon ang binyag ay walang pakinabang—

23 Kundi iyon ay panunuya sa harapan ng Diyos, itinatatwa ang mga awa ni Cristo, at ang kapangyarihan ng kanyang Banal na Espiritu, at nagtitiwala sa mga [a]walang kabuluhang gawa.

24 Masdan, anak ko, ang bagay na ito ay hindi nararapat mangyari; sapagkat ang [a]pagsisisi ay para sa kanila na nasa ilalim ng kahatulan at ilalim ng sumpa ng nilabag na batas.

25 At ang mga unang bunga ng [a]pagsisisi ay [b]binyag; at ang binyag ay dumarating sa pamamagitan ng pananampalataya sa ikatutupad ng mga kautusan; at ang pagtupad sa mga kautusan ay nagdadala ng [c]kapatawaran ng mga kasalanan;

26 At ang kapatawaran ng mga kasalanan ay nagdadala ng [a]kaamuan, at mapagpakumbabang puso; at dahil sa kaamuan at mapagpakumbabang puso ay dumarating ang pagdalaw ng

18*a* Alma 7:20; Morm. 9:9. GBK Diyos, Panguluhang Diyos.
*b* Moro. 7:22.
19*a* Lu. 18:15–17.
*b* GBK Awa, Maawain.
20*a* GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala; Plano ng Pagtubos.
21*a* GBK Impiyerno.
*b* Jac. 6:10; Mos. 28:3; D at T 19:10–12.
*c* GBK Jesucristo—Hukom.
22*a* GBK Kaligtasan—Kaligtasan ng mga bata.
*b* Gawa 17:30; D at T 76:71–72.
*c* GBK Tubos, Tinubos, Pagtubos.
23*a* D at T 22:2.
24*a* GBK Magsisi, Pagsisisi.
25*a* GBK Pagbibinyag, Binyagan—Mga hinihingi para sa pagbibinyag.
*b* Moi. 6:58–60.
*c* D at T 76:52. GBK Kapatawaran ng mga Kasalanan.
26*a* GBK Maamo, Kaamuan.

[b]Espiritu Santo, kung aling [c]Mang-aaliw ay pumupuno ng [d]pag-asa at ganap na [e]pag-ibig, kung aling pag-ibig ay tumatatag sa pamamagitan ng [f]matiyagang [g]panalangin, hanggang sa dumating ang wakas, kung kailan ang lahat ng [h]banal ay mananahanan kasama ng Diyos.
27 Masdan, anak ko, ako ay susulat na muli sa iyo kung ako ay hindi kaagad hahayo laban sa mga Lamanita. Masdan, ang [a]kapalaluan ng bansang ito, o ng mga tao ng mga Nephita, ang magpapatunay sa kanilang pagkalipol maliban kung sila ay magsisisi.
28 Ipanalangin mo sila, anak ko, upang ang pagsisisi ay dumating sa kanila. Ngunit masdan, ako ay natatakot na baka ang Espiritu ay tumigil na sa [a]pamamatnubay sa kanila; at sa bahaging ito ng lupain ay kanila ring hinahangad na ibagsak ang lahat ng kapangyarihan at karapatang nagmumula sa Diyos; at kanilang [b]itinatatwa ang Espiritu Santo.
29 At matapos na tanggihan ang gayong kalaking kaalaman, anak ko, sila ay kinakailangang masawi kaagad, sa ikatutupad ng mga propesiyang winika ng mga propeta, gayon din ang mga salita ng ating Tagapagligtas.
30 Paalam anak ko, hanggang sa ako ay muling makasulat sa iyo, o sa pagkikita nating muli. Amen.

---

Ang ikalawang liham ni Mormon sa kanyang anak na si Moroni.

*Binubuo ng kabanata 9.*

## KABANATA 9

*Kapwa ang mga Nephita at ang mga Lamanita ay nagpakabuhong at nagpakasama—Kanilang pinahirapan at pinaslang ang isa't isa—Nanalangin si Mormon na ang biyaya at kabutihan ay mapasa kay Moroni magpakailanman. Mga* A.D. *401–421.*

MINAMAHAL kong anak, ako ay muling sumusulat sa iyo upang malaman mo na ako ay buhay pa; ngunit ang bahagyang maisusulat ko ay yaong kahambal-hambal.
2 Sapagkat masdan, ako ay nagkaroon ng matinding pakikipaglaban sa mga Lamanita, kung saan kami ay hindi nagwagi; at si Arkianto ay bumagsak sa pamamagitan ng espada, at gayon din si Luram at Emron; oo, at nawalan tayo ng malaking bilang ng mga piling tauhan.
3 At ngayon masdan, anak ko, natatakot ako na baka malipol ng mga Lamanita ang mga taong ito; sapagkat hindi sila nag-

26*b* GBK Espiritu Santo.
*c* GBK Mang-aaliw.
*d* GBK Pag-asa.
*e* 1 Ped. 1:22; 1 Ne. 11:22–25.
*f* GBK Kasigasigan.
*g* GBK Panalangin.
*h* GBK Banal (pangngalan).
27*a* D at T 38:39. GBK Kapalaluan.
28*a* Morm. 5:16.
*b* Alma 39:6. GBK Walang Kapatawarang Kasalanan.

sisisi, at si Satanas ay patuloy na pinupukaw sila na magalit sa isa't isa.
4 Masdan, ako ay patuloy na nagpagal kasama nila; at kapag aking sinasabi ang salita ng Diyos nang may [a]kataliman sila ay nanginginig at nagagalit sa akin; at kapag hindi ako gumagamit ng kataliman ay pinatitigas nila ang kanilang mga puso laban dito; kaya nga, ako ay natatakot na baka ang Espiritu ng Panginoon ay tumigil na ng [b]pamamatnubay sa kanila.
5 Sapagkat labis kung sila ay magalit na sa pakiwari ko ay para bang hindi na sila natatakot sa kamatayan; at nawala na ang kanilang pag-ibig sa isa't isa; at sila ay patuloy na [a]nauuhaw sa dugo at paghihiganti.
6 At ngayon, minamahal kong anak, sa kabila ng kanilang pagmamatigas, tayo ay [a]masigasig na magpagal; sapagkat kung tayo ay titigil sa [b]pagpapagal, tayo ay madadala sa ilalim ng sumpa; sapagkat tayo ay may gawaing nararapat gampanan habang nasa katawang-lupa, upang ating magapi ang kaaway ng lahat ng kabutihan, at ipahinga ang ating mga kaluluwa sa kaharian ng Diyos.
7 At ngayon, ako ay susulat kahit paano hinggil sa mga pagdurusa ng mga taong ito. Sapagkat ayon sa kaalamang aking natanggap mula kay Amoron, masdan, ang mga Lamanita ay maraming bihag, na kanilang nadakip mula sa tore ng Serisa; at may mga lalaki, babae, at bata.
8 At ang mga asawa at ama ng mga babae at batang yaon ay pinatay nila; at kanilang ipinakain sa mga babae ang laman ng kanilang mga asawa, at sa mga bata ang laman ng kanilang mga ama; at walang tubig, maliban sa kakaunti lamang, ang kanilang ibinibigay sa kanila.
9 At sa kabila nitong karumaldumal na gawain ng mga Lamanita, hindi ito hihigit sa ating mga tao sa Moriantum. Sapagkat masdan, marami sa anak na babae ng mga Lamanita ang nadala nilang bihag; at matapos na alisan sila ng pinakamahal at pinakamahalaga sa ibabaw ng lahat ng bagay, kung alin ay [a]puri at [b]karangalan—
10 At matapos magawa nila ang bagay na ito, kanilang pinagpapatay sila sa isang napakalupit na pamamaraan, pinahihirapan ang kanilang mga katawan maging hanggang sa kamatayan; at matapos na magawa nila ito, nilalamon nila ang kanilang mga laman tulad ng mababangis na hayop, dahil sa katigasan ng kanilang mga puso; at ginagawa nila ito bilang tanda ng katapangan.
11 O minamahal kong anak, paanong ang mga taong tulad nito na walang kabihasnan—
12 (At ilang taon lamang ang

**9** 4*a* 2 Ne. 1:26–27; D at T 121:41–43.
*b* D at T 1:33.
5*a* Morm. 4:11–12.
6*a* GBK Kasigasigan.
*b* Jac. 1:19; Enos 1:20. GBK Tungkulin.
9*a* GBK Kalinisang-puri.
*b* GBK Kabaitan.

nakalipas at sila ay maaayos at
mga nakalulugod na tao.)
13 Ngunit O aking anak, paanong ang mga taong tulad nito
na ang kaluguran ay nasa labis
na karumal-dumal na gawain—
14 Paano tayo makaaasang [a]pipigilin ng Diyos ang kanyang kamay sa paghatol laban sa atin?
15 Masdan, ang aking puso
ay sumisigaw: Sa aba sa mga taong ito. Lumabas sa paghatol,
O Diyos, at itago ang kanilang
mga kasalanan, at kasamaan, at
karumal-dumal na gawain mula
sa inyong harapan!
16 At muli, anak ko, maraming
[a]balo at kanilang mga anak na
babae ang naiwan sa Serisa; at
ang bahagi ng pagkain na hindi
dinala ng mga Lamanita, masdan, ang hukbo ni Zenephi ay
dinala ito, at pinabayaan silang
gumala kahit saan upang makakita ng pagkain; at marami sa
matatandang babae ang nanghihina sa daan at namamatay.
17 At ang hukbong aking kasama ay nanghihina; at ang mga
hukbo ng mga Lamanita ay nasa
pagitan ko at ng Serisa; at kasindami ng tumakas sa hukbo
ni [a]Aaron ay bumagsak na mga
biktima sa kanilang kakila-kilabot na kalupitan.
18 O ang kabuhungan ng aking
mga tao! Sila ay walang patakaran at walang awa. Masdan,
ako ay isang tao lamang, at ako
ay may lakas lamang ng isang
tao, at hindi ko na kayang ipatupad pa ang aking mga utos.
19 At sila ay naging malakas
sa kanilang kabuktutan; at sila
ay pawang malulupit, walang
pinaliligtas, ni matanda o bata;
at sila ay nalulugod sa lahat ng
bagay maliban doon sa mabuti;
at ang pagdurusa ng ating kababaihan at ating mga anak sa
ibabaw ng buong lupaing ito ay
nakahihigit sa lahat ng bagay;
oo, hindi kayang sabihin ng dila
ni kayang isulat iyon.
20 At ngayon, anak ko, hindi
ko na tatalakayin pa ang kakilakilabot na tanawing ito. Masdan, nalalaman mo ang kasamaan ng mga taong ito; nalalaman
mo na sila ay walang simulain
at mga manhid; at ang kanilang
kasamaan ay [a]nakahihigit doon
sa mga Lamanita.
21 Masdan, anak ko, hindi
ko sila maaaring itagubilin sa
Diyos, baka ako ay parusahan
niya.
22 Ngunit masdan, anak ko,
itinatagubilin kita sa Diyos, at
ako ay nagtitiwala kay Cristo
na ikaw ay maliligtas; at ako ay
dumadalangin sa Diyos na [a]iligtas ang iyong buhay, upang saksihan ang pagbabalik ng kanyang mga tao sa kanya, o ang
kanilang ganap na pagkalipol;
sapagkat nalalaman ko na sila
ay tiyak na masasawi maliban
kung sila ay [b]magsisisi at magbabalik sa kanya.
23 At kung sila ay masasawi,
iyon ay magiging katulad ng
mga Jaredita, dahil sa katigasan
ng kanilang mga puso, na [a]nag-

14*a* Alma 10:23.
16*a* gbk Babaing Balo.
17*a* Morm. 2:9.
20*a* Hel. 6:34–35.
22*a* Morm. 8:3.
*b* Mal. 3:7; Hel. 13:11; 3 Ne. 10:6; 24:7.
23*a* Morm. 4:11–12.

hahangad ng dugo at [b]paghihiganti.

24 At kung mangyayari na sila ay masasawi, nalalaman natin na marami sa ating mga kapatid ang [a]umanib sa mga Lamanita, at marami pa ang aanib sa kanila; samakatwid, sumulat ka kahit paano ng kaunting bagay, kung ikaw ay maliligtas at ako ay masasawi at hindi ka makikita; ngunit ako ay nagtitiwalang makikita rin kita kaagad; sapagkat mayroon akong mga banal na talaan na aking [b]ibibigay sa iyo.

25 Anak ko, maging matapat kay Cristo; at nawa ay huwag makapagpadalamhati sa iyo ang mga bagay na aking isinulat, na makapagpapabigat sa iyo tungo sa kamatayan; kundi nawa ay dakilain ka ni Cristo, at nawa ang kanyang [a]pagdurusa at kamatayan, at ang pagpapakita ng kanyang katawan sa ating mga ama, at ang kanyang awa at mahabang pagtitiis, at ang pag-asa ng kanyang kaluwalhatian at ng [b]buhay na walang hanggan, ay mamalagi sa iyong [c]isipan magpakailanman.

26 At nawa ang biyaya ng Diyos Ama, na ang trono ay mataas sa kalangitan, at ng ating Panginoong Jesucristo, na nakaluklok sa [a]kanang kamay ng kanyang kapangyarihan, hanggang sa ang lahat ng bagay ay mapasakop sa kanya, ay manatiling kasama mo magpakailanman. Amen.

## KABANATA 10

*Isang patotoo sa Aklat ni Mormon ay dumarating sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo—Ang mga kaloob ng Espiritu ay ibinibigay sa matatapat—Ang mga handog na espirituwal ay laging kaagapay ng pananampalataya—Ang mga salita ni Moroni ay mangungusap mula sa alabok—Lumapit kay Cristo, maging ganap sa kanya, at pabanalin ang inyong mga kaluluwa. Mga A.D. 421.*

NGAYON ako, si Moroni, ay sumusulat kahit paano nang inaakala kong makabubuti; at ako ay sumusulat sa aking mga kapatid, ang mga [a]Lamanita; at nais kong kanilang malaman na mahigit na apat na raan at dalawampung taon na ang lumipas magmula nang ibigay ang palatandaan ng pagparito ni Cristo.

2 At aking [a]tatatakan ang talaang ito, matapos na ako ay makapagsalita ng ilang pangungusap sa paraan ng pagpapayo sa inyo.

3 Masdan, nais kong ipayo sa inyo na kung inyong mababasa

23*b* Eter 15:15–31.
24*a* Alma 45:14.
*b* Morm. 6:6.
25*a* GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala.
*b* GBK Buhay na Walang Hanggan.
*c* GBK Isipan.
26*a* Lu. 22:69; Gawa 7:55–56; Mos. 5:9; Alma 28:12.
**10** 1*a* D at T 10:48.
2*a* Morm. 8:4, 13–14. GBK Banal na Kasulatan, Mga—Mga banal na kasulatan na iprinopesiyang lalabas.

ang mga bagay na ito, kung ka-
runungan sa Diyos na mabasa
ninyo ang mga yaon, na inyong
maalaala kung paano naging
maawain ang Panginoon sa mga
anak ng tao, mula sa paglikha
kay Adan, maging hanggang sa
panahong inyong matanggap
ang mga bagay na ito, at [a]pagbu-
lay-bulayin ang mga yaon sa in-
yong mga [b]puso.
4 At kapag inyong matanggap
ang mga bagay na ito, ipinapa-
yo ko sa inyo na [a]itanong ninyo
sa Diyos, ang Amang Walang
Hanggan, sa pangalan ni Cristo,
kung ang mga bagay na ito ay
[b]hindi totoo; at kung kayo ay
magtatanong nang may [c]mata-
pat na puso, na may [d]tunay na
layunin, na may [e]pananampa-
lataya kay Cristo, kanyang [f]ipa-
aalam ang [g]katotohanan nito sa
inyo, sa pamamagitan ng ka-
pangyarihan ng Espiritu Santo.
5 At sa pamamagitan ng ka-
pangyarihan ng Espiritu Santo,
[a]malalaman ninyo ang [b]katoto-
hanan ng lahat ng bagay.
6 At ano mang bagay na mabu-
ti ay matwid at totoo; anupa't
walang mabuting magtatatwa
kay Cristo, kundi kikilalanin na
yaon siya.
7 At inyong makikilala na siya
nga yaon, sa pamamagitan ng
kapangyarihan ng Espiritu San-
to; kaya nga, nais kong payu-
han kayo na huwag ninyong
itatatwa ang kapangyarihan ng
Diyos; sapagkat siya ay guma-
gawa sa pamamagitan ng ka-
pangyarihan, [a]alinsunod sa pa-
nanampalataya ng mga anak ng
tao, siya rin ang ngayon, at bu-
kas, at magpakailanman.
8 At muli, ipinapayo ko sa
inyo, mga kapatid ko, na hu-
wag ninyong itatatwa ang mga
[a]kaloob ng Diyos, sapagkat ang
mga yaon ay marami; at ang
mga yaon ay nanggagaling sa
yaon ding Diyos. At [b]maraming
iba't ibang paraan na ang mga
kaloob na ito ay pinamamahala-
an; ngunit ng yaon ding Diyos
na siyang gumagawa ng lahat-
lahat; at yaon ay ibinibigay sa
pamamagitan ng mga paghaha-
yag ng Espiritu ng Diyos sa tao,
sa kapakinabangan nila.
9 Sapagkat masdan, [a]sa isa ay
ibinibigay sa pamamagitan ng
Espiritu ng Diyos, na kanyang
[b]maituro ang salita ng karunu-
ngan.
10 At sa iba, na kanyang mai-
turo ang salita ng kaalaman sa
pamamagitan ng Espiritu ring
yaon;
11 At sa isa, napakalaking [a]pa-
nanampalataya; at sa iba, ang

3*a* Deut. 11:18–19.
GBK Pagbulay-bulay.
*b* Deut. 6:6–7.
4*a* GBK Panalangin.
*b* 1 Ne. 13:39; 14:30;
Mos. 1:6;
Eter 4:10–11; 5:3.
*c* GBK Matapat,
Katapatan.
*d* Sant. 1:5–7;
Moro. 7:9.
*e* GBK Pananam-
palataya.
*f* GBK Paghahayag.
*g* GBK Katotohanan.
5*a* D at T 35:19.
GBK Pagkilala,
Kaloob na;
Patotoo.
*b* Juan 8:32.
7*a* 1 Ne. 10:17–19.
8*a* GBK Kaloob ng
Espiritu, Mga.
*b* D at T 46:15.
9*a* 1 Cor. 12:8–11;
D at T 46:8–29.
*b* D at T 88:77–79, 118.
11*a* GBK Pananam-
palataya.

mga kaloob na [b]pagpapagaling
sa pamamagitan ng Espiritu ring
yaon.
12 At muli, sa iba, na siya ay
makagawa ng mga makapang-
yarihang [a]himala;
13 At muli, sa iba, na siya ay
makapagpropesiya hinggil sa
lahat ng bagay;
14 At muli sa iba, ang makakita
ng mga anghel at ng nagliling-
kod na mga espiritu;
15 At muli, sa iba, lahat ng uri
ng wika;
16 At muli, sa iba, ang pagpa-
paliwanag ng mga salita at iba't
ibang uri ng mga [a]wika.
17 At ang lahat ng kaloob na
ito ay ipinagkakaloob ng Espi-
ritu ni Cristo; at ang mga yaon
ay ipinagkakaloob nang kani-
kanya sa bawat tao alinsunod sa
kanyang kalooban.
18 At nais kong payuhan kayo,
mga minamahal kong kapatid,
na inyong pakatandaan na ang
[a]bawat mabuting kaloob ay nag-
mumula kay Cristo.
19 At nais kong payuhan
kayo, mga minamahal kong ka-
patid, na inyong tandaan na
[a]siya rin ang kahapon, ngayon,
at magpakailanman, at na ang
lahat ng kaloob na aking wi-
nika na pawang espirituwal
ay hindi kailanman mapatiti-
gil maging hanggang sa ang
mundo ay nakatindig, tanging
alinsunod lamang sa [b]kawa-
lang-paniniwala ng mga anak
ng tao.
20 Kaya nga, kailangang mag-
karoon ng [a]pananampalataya;
at kung may pananampalataya
ay kinakailangang may pag-asa
rin; at kung may pag-asa ay ki-
nakailangang may pag-ibig sa
kapwa-tao rin.
21 At maliban kung mayroon
kayong [a]pag-ibig sa kapwa-tao,
kayo ay hindi maaaring malig-
tas sa kaharian ng Diyos; ni
kayo ay maliligtas sa kaharian
ng Diyos kung kayo ay walang
pananampalataya; ni kayo ay
maliligtas kung kayo ay walang
pag-asa.
22 At kung kayo ay walang
pag-asa kayo ay talagang nasa
kabiguan; at ang kabiguan ay
dumarating dahil sa kasamaan.
23 At tunay na sinabi ni Cristo
sa ating mga ama: [a]Kung kayo
ay may pananampalataya, ma-
gagawa ninyo ang lahat ng ba-
gay na kapaki-pakinabang sa
akin.
24 At ngayon, ako ay nangu-
ngusap sa lahat ng nasa mga
dulo ng mundo—na kung du-
mating ang araw na ang ka-
pangyarihan at mga kaloob ng
Diyos ay matigil sa inyo, ito ay
[a]dahil sa [b]kawalang-paniniwala.
25 At sa aba sa mga anak ng tao
kung ganito ang mangyayari;
sapagkat walang gumagawa ng
kabutihan sa inyo, [a]wala ni isa.

11*b* GBK Pinagaling, Pagpapagaling.
12*a* GBK Himala.
16*a* GBK Wika, Kaloob na mga.
18*a* Sant. 1:17.
19*a* Heb. 13:8.
*b* Moro. 7:37.
20*a* Eter 12:3–37.
21*a* 1 Cor. 13:1–13; Moro. 7:1, 42–48. GBK Pag-ibig sa Kapwa-tao.
23*a* Moro. 7:33.
24*a* Moro. 7:37.
*b* GBK Kawalang-paniniwala.
25*a* PJS, Awit 14:1–7; Rom. 3:10–12.

Sapagkat kung may isa sa inyo na gumagawa ng kabutihan, siya ay gagawa sa pamamagitan ng kapangyarihan at mga kaloob ng Diyos.
26 At sa aba nila na magpapatigil sa mga bagay na ito at mamamatay, sapagkat sila ay [a]mamamatay sa kanilang mga [b]kasalanan, at hindi sila maliligtas sa kaharian ng Diyos; at sinasabi ko ito alinsunod sa mga salita ni Cristo; at ako ay hindi nagsisinungaling.
27 At pinapayuhan ko kayo na alalahanin ang mga bagay na ito; sapagkat ang panahon ay mabilis na darating na malalaman ninyo na hindi ako nagsisinungaling, sapagkat makikita ninyo ako sa hukuman ng Diyos; at sasabihin sa inyo ng Panginoong Diyos: Hindi ba't ipinahayag ko ang aking mga [a]salita sa inyo, na isinulat ng taong ito, katulad ng isang [b]sumisigaw mula sa mga patay, oo, maging katulad ng isang nangungusap mula sa [c]alabok?
28 Ipinahahayag ko ang mga bagay na ito tungo sa katuparan ng mga propesiya. At masdan, yaon ay mamumutawi sa bibig ng Diyos na Walang Hanggan; at ang kanyang salita ay [a]titimo mula sa bawat sali't salinlahi.
29 At patutunayan ng Diyos sa inyo na yaong aking isinulat ay totoo.
30 At muli, pinapayuhan ko kayo na kayo ay [a]lumapit kay Cristo, at manangan sa bawat mabuting kaloob, at huwag [b]humipo ng masamang kaloob ni ng maruming bagay.
31 At [a]gumising, at bumangon mula sa alabok, O Jerusalem; oo, at isuot mo ang iyong magagandang kasuotan, O anak na babae ng [b]Sion; at [c]palakasin mo ang iyong mga [d]istaka at palawakin ang iyong mga hangganan magpakailanman, upang ikaw ay [e]hindi na malito pa, upang ang mga tipan ng Amang Walang Hanggan na kanyang ginawa sa iyo, O sambahayan ni Israel, ay matupad.
32 Oo, [a]lumapit kay Cristo, at maging [b]ganap sa kanya, at pagkaitan ang inyong sarili ng lahat ng kasamaan; at kung inyong pagkakaitan ang sarili ng lahat ng kasamaan, at [c]iibigin ang Diyos nang buo ninyong kakayahan, pag-iisip at lakas, kung magkagayon ang kanyang biyaya ay sapat sa inyo, upang sa pamamagitan ng kanyang biyaya kayo ay maging ganap kay Cristo; at kung sa pamamagitan ng [d]biyaya ng Diyos kayo ay ganap kay Cristo, wala ka-

26*a* Ez. 18:26–27; 1 Ne. 15:32–33; Mos. 15:26.
*b* Juan 8:21.
27*a* 2 Ne. 33:10–11.
*b* 2 Ne. 3:19–20; 27:13; 33:13; Morm. 9:30.
*c* Is. 29:4.
28*a* 2 Ne. 29:2.
30*a* 1 Ne. 6:4; Morm. 9:27; Eter 5:5.
*b* Alma 5:57.
31*a* Is. 52:1–2.
*b* GBK Sion.
*c* Is. 54:2.
*d* GBK Istaka.
*e* Eter 13:8.
32*a* Mat. 11:28; 2 Ne. 26:33; Jac. 1:7; Omni 1:26.
*b* Mat. 5:48; 3 Ne. 12:48. GBK Ganap.
*c* D at T 4:2; 59:5–6.
*d* 2 Ne. 25:23.

yong dahilang magtatwa sa kapangyarihan ng Diyos.
33 At muli, kung sa biyaya ng Diyos kayo ay ganap kay Cristo, at hindi itatatwa ang kanyang kapangyarihan, kung magkagayon kayo ay [a]pinabanal kay Cristo sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, sa pamamagitan ng [b]pagbubuhos ng dugo ni Cristo, na siyang nasa tipan ng Ama tungo sa [c]ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, upang kayo ay maging [d]banal, na walang bahid-dungis.
34 At ngayon, ako ay namamaalam sa lahat. Ako ay malapit nang magtungo sa [a]kapahingahan sa [b]paraiso ng Diyos, hanggang sa ang aking [c]espiritu at katawan ay [d]muling magsama, at ako ay matagumpay na madadala ng [e]hangin, upang kayo ay tagpuin sa harapan ng [f]nakalulugod na hukuman ng dakilang [g]Jehova, ang Walang Hanggang [h]Hukom ng kapwa buhay at patay. Amen.

33*a* GBK Pagpapabanal.
*b* GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala.
*c* GBK Kapatawaran ng mga Kasalanan.
*d* GBK Kabanalan.
34*a* GBK Kapahingahan.
*b* GBK Paraiso.
*c* GBK Espiritu.
*d* GBK Pagkabuhay na Mag-uli.
*e* 1 Tes. 4:17.
*f* Jac. 6:13.
*g* GBK Jehova.
*h* GBK Jesucristo—Hukom.

WAKAS

# ANG DOKTRINA AT MGA TIPAN

NG

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO

NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

NAGLALAMAN NG MGA PAGHAHAYAG

NA IBINIGAY KAY

JOSEPH SMITH, ANG PROPETA

LAKIP ANG ILANG KARAGDAGAN

NG KANYANG MGA KAHALILI

SA PANGULUHAN NG SIMBAHAN

# PAMBUNGAD

Ang Doktrina at mga Tipan ay katipunan ng mga banal na paghahayag at makapukaw na pagpapahayag na ibinigay ukol sa pagtatatag at pamamalakad ng kaharian ng Diyos dito sa mundo sa mga huling araw. Bagaman karamihan ng mga bahagi ay pinatutungkol sa mga kasapi ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ang mga mensahe, babala, at pangaral ay para sa kapakinabangan ng buong sangkatauhan, at naglalaman ng isang paanyaya sa lahat ng tao sa lahat ng dako na makinig sa tinig ng Panginoong Jesucristo, na nangungusap para sa kanilang temporal na kabutihan at kanilang walang hanggang kaligtasan.

Karamihan sa mga paghahayag sa talaang ito ay natamo sa pamamagitan ni Joseph Smith, Jr., ang unang propeta at pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang iba ay ibinigay sa pamamagitan ng ilan sa kanyang mga kahalili sa Panguluhan (tingnan ang mga ulo ng bahagi 135, 136, at 138, at Opisyal na Pahayag 1 at 2).

Ang aklat na Doktrina at mga Tipan ay isa sa mga pamantayang banal na kasulatan ng Simbahan kasama ang Biblia, ang Aklat ni Mormon, at ang Mahalagang Perlas. Gayunpaman, ang Doktrina at mga Tipan ay namumukod-tangi sapagkat ito ay hindi isang pagsasalin ng isang sinaunang kasulatan, kundi ito ay may makabagong pinagmulan at ibinigay ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang mga piniling propeta para sa panunumbalik ng kanyang banal na gawain at sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos sa mundo sa mga panahong ito. Sa mga paghahayag ay maririnig natin ang magiliw subalit matatag na tinig ng Panginoong Jesucristo, na minsan pa ay nangungusap na muli sa dispensasyon ng kaganapan ng panahon; at ang gawaing pinasimulan dito ay paghahanda sa kanyang ikalawang pagparito, sa katuparan at sa pakikipagkaisa sa mga salita ng lahat ng banal na propeta mula pa noong nagsimula ang daigdig.

Si Joseph Smith, Jr., ay isinilang noong ika-23 ng Disyembre, 1805, sa Sharon, Windsor County, Vermont. Noong kanyang kabataan siya ay lumipat kasama ang kanyang mag-anak sa Manchester, sa dakong kanluran ng New York. Samantalang siya ay naninirahang malapit sa Manchester sa tagsibol ng 1820, noong siya ay labing-apat na taong gulang, kanyang naranasan ang unang pangitain, kung saan siya ay personal na dinalaw ng Diyos, ang Amang Walang Hanggan, at ng kanyang Anak na si Jesucristo. Siya ay sinabihan sa pangitaing ito na ang tunay na Simbahan ni Jesucristo na itinatag noong kapanahunan ng Bagong Tipan, at siyang namahala sa kabuuan ng ebanghelyo, ay wala na sa mundo. Iba pang banal na

pagpapakita ang sumunod kung saan siya ay tinuruan ng maraming anghel; ipinakita sa kanya na ang Diyos ay may tanging gawain para sa kanya sa mundo, at na sa pamamagitan niya ang Simbahan ni Jesucristo ay ibabalik sa mundo.

Sa paglipas ng panahon si Joseph Smith ay nakapagsalin at nakapagpalathala ng Aklat ni Mormon sa pamamagitan ng banal na patnubay. Samantala siya at si Oliver Cowdery ay inordenan sa Pagkasaserdoteng Aaron ni Juan Bautista noong Mayo 1829 (tingnan sa D at T 13), at di nagtagal pagkatapos noon ay inordenan din sa Pagkasaserdoteng Melquisedec ng mga sinaunang apostol na sina Pedro, Santiago, at Juan (tingnan sa D at T 27:12). Iba pang ordinasyon ang sumunod kung saan ang mga susi ng pagkasaserdote ay iginawad sa kanila nina Moises, Elijah, Elias, at marami pang sinaunang propeta (tingnan sa D at T 110; 128:18, 21). Ang mga ordinasyong ito, sa katunayan, ay pagpapanumbalik ng banal na kapangyarihan sa tao sa mundo. Noong ika-6 ng Abril, 1830, sa ilalim ng makalangit na tagubilin, itinatag ng Propetang si Joseph Smith ang Simbahan, at sa gayon ang tunay na Simbahan ni Jesucristo ay muling umiral bilang isang samahan sa mga tao, lakip ang kapangyarihang magturo ng ebanghelyo at mamahala sa mga ordenansa ng kaligtasan. (Tingnan sa Ang Mahalagang Perlas, Joseph Smith—Kasaysayan 1:1–75, at D at T 20.)

Ang mga banal na paghahayag na ito ay natanggap bilang kasagutan sa panalangin, sa panahon ng pangangailangan, at ito ay mula sa mga pangyayari sa tunay na buhay na kinabibilangan ng mga tunay na tao. Ang Propeta at ang kanyang mga kasama ay naghangad ng banal na patnubay, at ang mga paghahayag na ito ay nagpapatunay na natanggap nila ito. Sa mga paghahayag ay makikita ang pagpapanumbalik at ang paglalahad ng ebanghelyo ni Jesucristo at ang pagsisimula ng dispensasyon ng kaganapan ng panahon. Ang pakanlurang paglipat ng Simbahan mula sa New York at Pennsylvania, patungo sa Ohio, sa Missouri, sa Illinois, at sa wakas sa Great Basin ng kanlurang Amerika, at ang masidhing pagpupunyagi ng mga Banal sa pagtatangkang makapagtayo ng Sion sa mundo sa makabagong panahon, ay ipinakita rin sa mga paghahayag na ito.

Ilan sa naunang bahagi ay kinabibilangan ng mga bagay-bagay tungkol sa pagsasalin at paglalathala ng Aklat ni Mormon (tingnan sa mga bahagi 3, 5, 10, 17, 19). Ilan naman sa mga huling bahagi ay naglalarawan sa gawain ng Propetang si Joseph Smith sa paggawa ng isang makapukaw na pagsasalin ng Biblia, kung kailan ang maraming dakilang doktrinal na bahagi ay natanggap (tingnan, halimbawa, bahagi 37, 45, 73, 76, 77, 86, 91, at 132, ang bawat isa ay may tuwirang kaugnayan sa pagsasalin sa Biblia).

Sa mga paghahayag ang mga doktrina ng ebanghelyo ay ibinigay lakip ang mga paliwanag tungkol sa mga pangunahing bagay-bagay gaya ng katangian ng Panguluhang Diyos, ang pinagmulan ng tao, ang katotohanan ni Satanas, ang layunin ng buhay sa mundo, ang pangangailangan sa pagsunod, ang pangangailangan sa pagsisisi, ang mga gawain ng Banal na Espiritu, ang mga ordenansa at gawain na nauukol sa kaligtasan, ang kahihinatnan ng mundo, ang hinaharap na kalagayan ng tao pagkatapos ng Pagkabuhay na mag-uli at ng Paghuhukom, ang kawalang-hanggang ugnayan ng kasal, at ang walang hanggang katangian ng mag-anak. Gayon din ang unti-unting paglalahad ng balangkas ng pangangasiwa ng Simbahan ay ipinakita sa pagtawag ng mga obispo, ng Unang Panguluhan, ng Kapulungan ng Labindalawa, at ng Pitumpu, at ng pagtatatag ng iba pang mga namumunong katungkulan at korum. Panghuli, ang patotoong ibinigay tungkol kay Jesucristo—ang kanyang kabanalan, ang kanyang kamahalan, ang kanyang kaganapan, ang kanyang pagmamahal, at ang kanyang kapangyarihang tumubos—ay nagbigay sa aklat na ito ng dakilang kahalagahan sa mga angkan ng tao at higit na kahalagahan kaysa sa mga yaman ng buong mundo.

Ilan sa paghahayag ay inilathala sa Sion (Independence), Missouri, noong 1833, sa ilalim ng pamagat na *A Book of Commandments for the Government of the Church of Christ.* Hinggil sa paglalathalang ito, ang mga elder ng Simbahan ay nagbigay ng taimtim na patotoo na ang Panginoon ay nagbigay-patotoo sa kanilang mga kaluluwa na ang mga paghahayag na ito ay totoo. Samantalang ang Panginoon ay patuloy na nakikipag-usap sa kanyang mga tagapaglingkod, isang pinalaking talaan ang inilathala pagkalipas ng dalawang taon sa Kirtland, Ohio, na may pamagat na *Doctrine and Covenants of the Church of the Latter-Day Saints.* Sa paglalathalang ito noong 1835, ang nakasulat na patotoo ng Labindalawang Apostol ay nakalakip gaya ng sumusunod:

## PATOTOO NG LABINDALAWANG APOSTOL SA KATOTOHANAN NG AKLAT NG DOKTRINA AT MGA TIPAN

*Ang Patotoo ng mga Saksi sa Aklat ng mga Kautusan ng Panginoon, yaong mga kautusan na Kanyang ipinagkaloob sa Kanyang Simbahan sa pamamagitan ni Joseph Smith, Jun., na siyang hinirang sa pamamagitan ng tinig ng Simbahan ukol sa layuning ito:*

Kami, samakatwid, ay nakahandang magbigay ng patotoo sa buong daigdig ng sangkatauhan, sa bawat nilalang sa ibabaw ng

lupa, na ang Panginoon ay nagpatotoo sa aming mga kaluluwa, sa pamamagitan ng Espiritu Santo na napasaamin, na ang mga kautusang ito ay ipinagkaloob sa pamamagitan ng patnubay ng Diyos, at kapaki-pakinabang sa lahat ng tao at tunay na totoo.

Aming ibinibigay ang patotoong ito sa daigdig, ang Panginoon bilang aming katuwang; at ito ay sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos Ama, at ng Kanyang Anak, na si Jesucristo, na kami ay pinahintulutang magkaroon ng pribilehiyong magbigay ng patotoong ito sa daigdig, na kung saan kami ay labis na nagagalak, nananalangin sa Panginoon tuwina na ang mga anak ng tao ay makinabang dito.

Ang mga pangalan ng Labindalawa ay:

| | | |
|---|---|---|
| Thomas B. Marsh | Orson Hyde | William Smith |
| David W. Patten | Wm. E. McLellin | Orson Pratt |
| Brigham Young | Parley P. Pratt | John F. Boynton |
| Heber C. Kimball | Luke S. Johnson | Lyman E. Johnson |

Sa mga sumunod na edisyon ng Doktrina at mga Tipan, may mga karagdagang paghahayag o iba pang mga tala ang idinagdag, matapos tanggapin at sang-ayunan ng mga angkop na pagtitipuntipon o kapulungan ng Simbahan.

Simula sa edisyon ng 1835, pitong magkakasunod na aralin sa teolohiya ang ibinilang; ang mga ito ay pinamagatang *Lectures on Faith.* Ang mga ito ay inihanda upang gamitin sa Paaralan ng mga Propeta sa Kirtland, Ohio, mula 1834 hanggang 1835. Bagaman kapaki-pakinabang para sa doktrina at pagtuturo, ang mga panayam na ito ay hindi ibinilang sa Doktrina at mga Tipan simula sa edisyon ng 1921 sapagkat ang mga yaon ay hindi ibinigay o iniharap bilang mga paghahayag sa buong Simbahan.

Malinaw na may ilang pagkakamali ang napanatili sa mga naunang edisyong inilathala sa Inggles, lalo na sa mga kasaysayan sa ulo ng mga bahagi. Dahil dito ang edisyong ito ay naglalaman ng mga pagwawasto ng mga petsa at pangalan ng lugar at gayon din ng ilan pang bahagyang pagwawasto na pinaniniwalaang naaangkop. Ang mga pagbabagong ito ay ginawa upang maiangkop ang lathalain sa mga kasulatan ng mga kasaysayan. Iba pang natatanging katangian ng pinakahuling edisyong ito ay kinabibilangan ng mga mapa na nagpapakita sa mga pangunahing kinaroroonan ng mga lugar kung saan tinanggap ang mga paghahayag, gayon din ng mga pagpapabuti ng mga sanggunian, ulo ng mga bahagi, at mga buod ng paksang tinatalakay, lahat ng ito ay nilayon upang matulungan ang mga mambabasa na makaunawa at magalak sa mga mensahe ng Panginoon na inilahad sa Doktrina at mga Tipan.

Ang mga pambungad sa mga bahagi ng Doktrina at mga Tipan ay naglalaman ng mga sanggunian sa *History of the Church.* Ang *History of the Church* ay isang pitong-tomong talaan ng kasaysayan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw mula noong 1820 hanggang sa 1848. Dahil ang mga tomong ito ay hindi pa naisasalin at makukuha lamang sa Ingles, ang mga sanggunian sa *History of the Church* sa pambungad ng mga bahagi ng edisyong ito ng Doktrina at mga Tipan ay tumutukoy sa mga tomong Ingles ng kasaysayang ito.

# CRONOLOHIYANG PAGKAKASUNUD-SUNOD NG MGA NILALAMAN


| *Petsa* | | *Lugar* | *Mga Bahagi* |
|---|---|---|---|
| 1823 | Setyembre | Manchester, New York | 2 |
| 1828 | Hulyo | Harmony, Pennsylvania | 3 |
| | Summer | Harmony, Pennsylvania | 10 |
| 1829 | Pebrero | Harmony, Pennsylvania | 4 |
| | Marso | Harmony, Pennsylvania | 5 |
| | Abril | Harmony, Pennsylvania | 6, 7, 8, 9 |
| | Mayo | Harmony, Pennsylvania | 11, 12, 13 |
| | Hunyo | Fayette, New York | 14, 15, 16, 17, 18 |
| 1830 | Marso | Manchester, New York | 19 |
| | Abril | Fayette, New York | 20*, 21 |
| | Abril | Manchester, New York | 22, 23 |
| | Hulyo | Harmony, Pennsylvania | 24, 25, 26 |
| | Agosto | Harmony, Pennsylvania | 27 |
| | Setyembre | Fayette, New York | 28, 29, 30, 31 |
| | Oktubre | Fayette, New York | 32*, 33 |
| | Nobyembre | Fayette, New York | 34 |
| | Disyembre | Fayette, New York | 35, 36, 37 |
| 1831 | Enero | Fayette, New York | 38, 39, 40 |
| | Pebrero | Kirtland, Ohio | 41, 42, 43, 44 |
| | Marso | Kirtland, Ohio | 45, 46, 47, 48, 49 |
| | Mayo | Kirtland, Ohio | 50 |
| | Mayo | Thompson, Ohio | 51 |
| | Hunyo | Kirtland, Ohio | 52, 53, 54, 55, 56 |
| | Hulyo | Sion, Jackson County, Missouri | 57 |
| | Agosto | Sion, Jackson County, Missouri | 58, 59, 60 |
| | Agosto | Sa may Ilog Missouri, Missouri | 61, 62 |
| | Agosto | Kirtland, Ohio | 63 |
| | Setyembre | Kirtland, Ohio | 64 |
| | Oktubre | Hiram, Ohio | 65 |
| | Oktubre | Orange, Ohio | 66 |
| | Nobyembre | Hiram, Ohio | 1, 67, 68, 69, 133 |
| | Nobyembre | Kirtland, Ohio | 70 |
| | Disyembre | Hiram, Ohio | 71 |
| | Disyembre | Kirtland, Ohio | 72 |
| 1832 | Enero | Hiram, Ohio | 73, 74 |
| | Enero | Amherst, Ohio | 75 |
| | Pebrero | Hiram, Ohio | 76 |
| | Marso | Hiram, Ohio | 77, 78, 79, 80, 81 |
| | Abril | Jackson County, Missouri | 82, 83 |


* Sa o malapit sa lugar na tinukoy.

| *Petsa* | | *Lugar* | *Mga Bahagi* |
|---|---|---|---|
| 1832 | Abril | Independence, Missouri | 83 |
| | Agosto | Hiram, Ohio | 99 |
| | Setyembre | Kirtland, Ohio | 84 |
| | Nobyembre | Kirtland, Ohio | 85 |
| | Disyembre | Kirtland, Ohio | 86, 87*, 88 |
| 1833 | Pebrero | Kirtland, Ohio | 89 |
| | Marso | Kirtland, Ohio | 90, 91, 92 |
| | Mayo | Kirtland, Ohio | 93, 94 |
| | Hunyo | Kirtland, Ohio | 95, 96 |
| | Agosto | Kirtland, Ohio | 97, 98 |
| | Oktubre | Perrysburg, New York | 100 |
| | Disyembre | Kirtland, Ohio | 101 |
| 1834 | Pebrero | Kirtland, Ohio | 102, 103 |
| | Abril | Kirtland, Ohio | 104* |
| | Hunyo | Ilog Fishing, Missouri | 105 |
| | Nobyembre | Kirtland, Ohio | 106 |
| 1835 | Marso | Kirtland, Ohio | 107 |
| | Agosto | Kirtland, Ohio | 134 |
| | Disyembre | Kirtland, Ohio | 108 |
| 1836 | Enero | Kirtland, Ohio | 137 |
| | Marso | Kirtland, Ohio | 109 |
| | Abril | Kirtland, Ohio | 110 |
| | Agosto | Salem, Massachusetts | 111 |
| 1837 | Hulyo | Kirtland, Ohio | 112 |
| 1838 | Marso | Far West, Missouri | 113* |
| | Abril | Far West, Missouri | 114, 115 |
| | Mayo | Spring Hill, Daviess County, Missouri | 116 |
| | Hulyo | Far West, Missouri | 117, 118, 119, 120 |
| 1839 | Marso | Piitan ng Liberty, Clay County, Missouri | 121, 122, 123 |
| 1841 | Enero | Nauvoo, Illinois | 124 |
| | Marso | Nauvoo, Illinois | 125 |
| | Hulyo | Nauvoo, Illinois | 126 |
| 1842 | Setyembre | Nauvoo, Illinois | 127, 128 |
| 1843 | Pebrero | Nauvoo, Illinois | 129 |
| | Abril | Ramus, Illinois | 130 |
| | Mayo | Ramus, Illinois | 131 |
| | Hulyo | Nauvoo, Illinois | 132 |
| 1844 | Hunyo | Nauvoo, Illinois | 135 |
| 1847 | Enero | Winter Quarters (ngayon ay Nebraska) | 136 |
| 1890 | Oktubre | Salt Lake City, Utah | Opisyal na Pahayag—1 |
| 1918 | Oktubre | Salt Lake City, Utah | 138 |
| 1978 | Hunyo | Salt Lake City, Utah | Opisyal na Pahayag—2 |


* Sa o malapit sa lugar na tinukoy.

# Ang Doktrina at mga Tipan

## BAHAGI 1

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa isang natatanging pagpupulong ng mga elder ng Simbahan, ginanap sa Hiram, Ohio, ika-1 ng Nobyembre 1831 (*History of the Church, *1:221–224). Maraming paghahayag ang natanggap mula sa Panginoon una pa sa pagkakataong ito, at ang pagtitipon ng mga ito para sa paglalathala sa anyo ng isang aklat ay isa sa mga pangunahing paksa na pinagtibay sa pagpupulong. Ang bahaging ito ang bumubuo ng paunang salita ng Panginoon sa mga doktrina, tipan, at kautusang ibinigay sa dispensasyong ito.*

*1–7, Ang tinig ng babala ay para sa lahat ng tao; 8–16, Ang lubusang pagtalikod sa katotohanan at kasamaan ay mauuna sa Ikalawang Pagparito; 17–23, Si Joseph Smith ay tinawag upang ibalik sa mundo ang mga katotohanan at kapangyarihan ng Panginoon; 24–33, Ang Aklat ni Mormon ay inilabas at ang totoong Simbahan ay naitatag; 34–36, Ang kapayapaan ay aalisin sa mundo; 37–39, Saliksikin ang mga kautusang ito.*

MAKINIG, O kayong mga tao ng aking [a]simbahan, ang wika ng tinig niya na nananahanan sa kaitaasan, at kung kaninong mga [b]mata ay nakatuon sa lahat ng tao; oo, katotohanang sinasabi ko: [c]Makinig kayong mga tao na mula sa malayo; at kayong nasa mga pulo ng dagat, sama-samang makinig.

2 Sapagkat katotohanang ang [a]tinig ng Panginoon ay sumasalahat ng tao, at [b]walang sinuman ang makatatakas; at wala ni isa mang mata na hindi makakikita, ni tainga na hindi makaririnig, ni [c]pusong hindi maaantig.

3 At ang mga [a]mapanghimagsik ay babagabagin ng labis na pighati; sapagkat ang kanilang mga kasamaan ay [b]ipagsisigawan sa mga bubungan, at ang kanilang mga lihim na gawain ay ihahayag.

4 At ang [a]tinig ng babala ay mapapasalahat ng tao, sa pamamagitan ng mga bibig ng aking mga disipulo, na aking mga pinili sa mga [b]huling araw na ito.

5 At sila ay hahayo at walang makapipigil sa kanila, sapagkat ako, ang Panginoon ang nag-utos sa kanila.

**1** 1*a* 3 Ne. 27:3; D at T 20:1. GBK Simbahan ni Jesucristo.
*b* D at T 38:7–8. GBK Diyos, Panguluhang Diyos.
*c* Deut. 32:1.
2*a* D at T 133:16.
*b* Fil. 2:9–11.
*c* GBK Puso.
3*a* GBK Paghihimagsik.
*b* Lu. 8:17; 12:3; 2 Ne. 27:11; Morm. 5:8.
4*a* Ez. 3:17–21; D at T 63:37. GBK Gawaing Pangmisyonero; Babala, Binalaan.
*b* GBK Huling Araw, Mga.

6 Masdan, ito ang aking [a]ka-
pangyarihan, at ang kapangya-
rihan ng aking mga tagapag-
lingkod, at ang aking paunang
salita sa aklat ng aking mga ka-
utusan, na aking ibinigay sa ka-
nila upang [b]mailathala sa inyo,
O mga naninirahan sa mundo.
7 Dahil dito, [a]matakot at ma-
nginig, O kayong mga tao, sa-
pagkat anuman ang ihayag ko,
ang Panginoon sa kanila ay
[b]matutupad.
8 At katotohanang sinasabi ko
sa inyo, na sila na humahayo,
na naghahatid ng mga balitang
ito sa mga naninirahan sa mun-
do, sa kanila ay ibinigay ang
kapangyarihang [a]pagbubuklod
kapwa sa lupa at sa langit, ang
mapag-alinlangan at [b]mapang-
himagsik;
9 Oo, katotohanan, ang ibuk-
lod sila sa araw kung kailan
ang [a]poot ng Diyos ay ibubu-
hos sa [b]masasama nang walang
sukat—
10 Sa [a]araw kung kailan ang
Panginoon ay paparito upang
[b]gantihan ang bawat tao alin-
sunod sa kanyang [c]gawa, at [d]su-
sukatin ang bawat tao alinsunod
sa panukat na kanyang ipina-
nukat sa kanyang kapwa-tao.
11 Dahil dito ang tinig ng Pa-
nginoon ay hahanggan sa mga
dulo ng mundo, upang ang lahat
ng makaririnig ay makarinig:
12 Maghanda kayo, maghanda
kayo para sa yaong paparito,
sapagkat ang Panginoon ay na-
lalapit na;
13 At ang [a]galit ng Panginoon
ay nagsiklab, at ang kanyang
[b]espada ay hinugasan sa langit,
at ito ay babagsak sa mga nani-
nirahan sa mundo.
14 At ang [a]bisig ng Panginoon
ay ipahahayag; at darating ang
araw na sila na hindi [b]makikinig
sa tinig ng Panginoon, ni sa tinig
ng kanyang mga tagapagling-
kod, ni [c]tatalima sa mga salita
ng mga propeta at apostol, ay
[d]ihihiwalay sa mga tao;
15 Sapagkat sila ay [a]lumihis
mula sa aking mga [b]ordenansa,
at [c]sumira sa aking [d]walang
hanggang tipan;
16 Hindi nila [a]hinanap ang Pa-
nginoon upang itatag ang kan-
yang kabutihan, kundi ang ba-
wat tao ay lumalakad sa [b]sarili
niyang [c]paraan, at alinsunod sa

6*a* gbk Jesucristo—Kapangyarihan.
*b* D at T 72:21.
7*a* Deut. 5:29; Ec. 12:13.
*b* D at T 1:38.
8*a* gbk Buklod, Pagbubuklod.
*b* gbk Paghihimagsik.
9*a* Apoc. 19:15–16; 1 Ne. 22:16–17.
*b* Mos. 16:2; JS—M 1:31, 55.
10*a* gbk Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
*b* Ez. 7:4; D at T 56:19. gbk Jesucristo—Hukom.
*c* Kaw. 24:12; Alma 9:28; 41:2–5; D at T 6:33.
*d* Mat. 7:2.
13*a* D at T 63:6.
*b* Ez. 21:3; D at T 35:14.
14*a* Is. 53:1.
*b* 2 Ne. 9:31; Mos. 26:28.
*c* D at T 11:2.
*d* Gawa 3:23; Alma 50:20; D at T 50:8; 56:3.
15*a* Jos. 23:16; Is. 24:5.
*b* gbk Ordenansa, Mga.
*c* gbk Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan.
*d* gbk Bago at Walang Hanggang Tipan.
16*a* Mat. 6:33.
*b* Is. 53:6.
*c* D at T 82:6.

[d]larawan ng sarili niyang diyos, na kung kaninong larawan ay kahalintulad ng daigdig, at kung kaninong kaanyuan ay yaong sa diyus-diyusan, na [e]naluluma at masasawi sa Babilonia, maging ang [f]Babilonia na makapangyarihan ay babagsak.
17 Dahil dito, ako, ang Panginoon, nalalaman ang kapahamakang sasapit sa mga [a]naninirahan sa mundo, ay tinawag ang aking tagapaglingkod na si Joseph Smith, Jun., at nangusap sa kanya mula sa langit, at nagbigay sa kanya ng mga kautusan;
18 At nagbigay rin ng mga kautusan sa iba, na dapat nilang ihayag ang mga bagay na ito sa sanlibutan; at ang lahat ng ito ay upang maisakatuparan, ang yaong isinulat ng mga propeta—
19 Ang [a]mahihinang bagay ng sanlibutan ay magsisilabas at bubuwagin ang mga makapangyarihan at ang malalakas, na ang tao ay hindi dapat magpayo sa kanyang kapwa tao, ni [b]magtiwala sa bisig ng laman—
20 Bagkus ay [a]makapangusap ang bawat tao sa pangalan ng Diyos, ang Panginoon, maging ang Tagapagligtas ng sanlibutan;
21 Nang ang pananampalataya rin ay maragdagan sa mundo;
22 Nang ang aking walang hanggang [a]tipan ay mapagtibay;
23 Nang ang kabuuan ng aking [a]ebanghelyo ay [b]maihayag ng [c]mahihina at ng mga pangkaraniwang tao sa mga dulo ng daigdig, at sa harapan ng mga hari at namamahala.
24 Masdan, ako ang Diyos at siyang nangusap nito; ang mga [a]kautusang ito ay mula sa akin, at ibinigay sa aking mga tagapaglingkod sa kanilang kahinaan, alinsunod sa pamamaraan ng kanilang [b]wika, upang sila ay mangyaring [c]makaunawa.
25 At yayamang sila ay nagkamali ito ay maipaalam;
26 At yayamang sila ay naghangad ng [a]karunungan sila ay maturuan;
27 At yayamang sila ay nagkasala sila ay [a]maparusahan, upang sila ay [b]makapagsisi;
28 At yayamang sila ay [a]nagpakumbaba sila ay maaaring gawing malakas, at pagpalain mula sa kaitaasan, at tumanggap ng [b]kaalaman sa pana-panahon.

16*d* Ex. 20:4; 3 Ne. 21:17. GBK Pagsamba sa Diyus-diyusan.
*e* Is. 50:9.
*f* D at T 64:24; 133:14. GBK Babel, Babilonia; Kamunduhan.
17*a* Is. 24:1–6.
19*a* Gawa 4:13; 1 Cor. 1:27; D at T 35:13; 133:58–59. GBK Maamo, Kaamuan.
*b* 2 Ne. 28:31. GBK Pagtitiwala.
20*a* GBK Magpatotoo.
22*a* D at T 39:11. GBK Tipan; Bago at Walang Hanggang Tipan.
23*a* GBK Ebanghelyo.
*b* GBK Gawaing Pangmisyonero.
*c* 1 Cor. 1:26–29.
24*a* 2 Ne. 33:10–11; Moro. 10:27–28.
*b* 2 Ne. 31:3; Eter 12:39.
*c* D at T 50:12. GBK Pagkaunawa.
26*a* Sant. 1:5; D at T 42:68. GBK Karunungan.
27*a* GBK Parusa, Pagpaparusa.
*b* GBK Magsisi, Pagsisisi.
28*a* GBK Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba.
*b* GBK Kaalaman.

29 At pagkaraang matamo ang
talaan ng mga Nephita, oo, ma-
ging ng aking tagapaglingkod
na si Joseph Smith, Jun., ay ma-
aaring magkaroon ng kapang-
yarihang makapagsalin sa pa-
mamagitan ng awa ng Diyos,
sa kapangyarihan ng Diyos, ng
[a]Aklat ni Mormon.
30 At gayon din sa mga yaong
kung kanino ang mga kautu-
sang ito ay ibinigay, ay maa-
aring magkaroon ng [a]kapangya-
rihang maitatag ang saligan ng
[b]simbahang ito, at maipakita ito
mula sa pagkakatago at mula
sa [c]kadiliman, ang tanging tunay
at buhay na [d]simbahan sa iba-
baw ng buong mundo, na kung
saan ako, ang Panginoon, ay la-
bis na [e]nalulugod, nangungusap
sa buong simbahan at hindi sa
bawat isa lamang—
31 Sapagkat ako, ang Pangino-
on ay hindi makatitingin sa [a]ka-
salanan nang may pinakamaliit
na antas ng pagsasaalang-alang;
32 Gayunman, siya na nagsisisi
at sumusunod sa mga kautusan
ng Panginoon ay [a]patatawarin;
33 At siya na hindi [a]nagsisisi,
[b]kukunin sa kanya maging ang
liwanag na kanyang natanggap;
sapagkat ang aking [c]Espiritu ay
hindi tuwinang [d]papatnubay sa
tao, wika ng Panginoon ng mga
Hukbo.
34 At muli, katotohanang si-
nasabi ko sa inyo, O mga nani-
nirahan sa mundo: Ako, ang
Panginoon ay nahahandang ipa-
alam ang mga bagay na ito sa
[a]lahat ng tao;
35 Sapagkat ako ay hindi [a]nag-
tatangi ng mga tao, at nagnana-
is na ang lahat ay makaalam na
ang [b]araw ay mabilis na dara-
ting; ang oras ay hindi pa, su-
balit nalalapit na, kung kailan
ang [c]kapayapaan ay aalisin sa
mundo, at ang [d]diyablo ay mag-
kakaroon ng kapangyarihan sa
kanyang sariling nasasakupan.
36 At gayon din ang Pangino-
on ay magkakaroon ng kapang-
yarihan sa kanyang mga [a]banal,
at [b]maghahari sa [c]gitna nila, at
bababa sa [d]paghuhukom sa [e]Idu-
mea, o sa sanlibutan.
37 Saliksikin ang mga [a]kautu-

29*a* GBK Aklat ni Mormon.
30*a* D at T 1:4–5, 17–18.
*b* GBK Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Ang; Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo.
*c* GBK Kadiliman, Espirituwal na.
*d* Ef. 4:5, 11–14. GBK Simbahan, Mga Palatandaan ng Tunay na.
*e* D at T 38:10.
31*a* Alma 45:16; D at T 24:2. GBK Kasalanan.
32*a* D at T 58:42–43. GBK Magpatawad.
33*a* Mos. 26:32.
*b* Alma 24:30; D at T 60:2–3.
*c* GBK Espiritu Santo.
*d* Gen. 6:3; 2 Ne. 26:11; Morm. 5:16; Eter 2:15; Moro. 9:4.
34*a* Mat. 28:19; D at T 1:2; 42:58.
35*a* Deut. 10:17; Gawa 10:34; Moro. 8:12; D at T 38:16.
*b* GBK Huling Araw, Mga.
*c* D at T 87:1–2. GBK Kapayapaan; Palatandaan ng Panahon, Mga.
*d* GBK Diyablo.
36*a* GBK Banal (pangngalan).
*b* GBK Jesucristo—Paghaharing milenyal ni Cristo.
*c* Zac. 2:10–11; D at T 29:11; 84:118–119.
*d* GBK Hatol, Paghatol.
*e* GBK Daigdig.
37*a* GBK Banal na Kasulatan, Mga.

sang ito, sapagkat ang mga ito
ay tunay at tapat, at ang mga
propesiya at [b]pangako na nasa
mga ito ay matutupad na lahat.
38 Kung ano ang sinabi ko,
ang Panginoon, ay sinabi ko, at
hindi ko binibigyang-katwiran
ang aking sarili; at bagaman
ang kalangitan at ang lupa ay
lilipas, ang aking [a]salita ay hin-
di lilipas, kundi [b]matutupad na
lahat, maging sa pamamagitan
ng sarili kong [c]tinig o sa tinig
man ng aking mga [d]tagapag-
lingkod, ito ay [e]iisa.
39 Sapagkat masdan, at nari-
to, ang Panginoon ay Diyos, at
ang [a]Espiritu ang nagpapatotoo,
at ang patotoo ay tunay, at ang
[b]katotohanan ay mananatili
nang magpakailanman at wa-
lang katapusan. Amen.

## BAHAGI 2

*Hango mula sa mga salita ng anghel na si Moroni kay Joseph Smith, ang Propeta, habang nasa bahay ng ama ng Propeta sa Manchester, New York, noong gabi ng ika-21 ng Setyembre 1823 (*History of the Church, *1:12). Si Moroni ang huli sa hanay ng mga mananalaysay na gumawa ng talaan na nasa daigdig ngayon bilang Aklat ni Mormon. (Ihambing sa Malakias 4:5–6; gayundin sa mga bahagi 27:9; 110:13–16; at 128:18.)*

*1, Ipahahayag ni Elijah ang pagkasaserdote; 2–3, Mga pangako ng mga ama ay itatanim sa mga puso ng mga anak.*

MASDAN, ipahahayag ko sa
inyo ang Pagkasaserdote,
sa pamamagitan ng kamay ni
[a]Elijah, ang propeta, bago du-
mating ang [b]dakila at kakila-
kilabot na araw ng Panginoon.
2 At [a]kanyang itatanim sa mga
puso ng mga anak ang mga
[b]pangakong ginawa sa mga
ama, at ang mga puso ng mga
anak ay magbabalik-loob sa ka-
nilang mga ama.
3 Kung hindi magkagayon, ang
buong mundo ay lubusang ma-
wawasak sa kanyang pagparito.

37*b* D at T 58:31; 62:6; 82:10.
38*a* 2 Hari 10:10; Mat. 5:18; 24:35; 2 Ne. 9:16; JS—M 1:35.
*b* D at T 101:64.
*c* Deut. 18:18; D at T 18:33–38; 21:5. GBK Paghahayag; Tinig.
*d* GBK Propeta.
*e* GBK Karapatan; Pagtataguyod sa mga Pinuno ng Simbahan.
39*a* 1 Juan 5:6; D at T 20:27; 42:17.
*b* GBK Katotohanan.
**2** 1*a* Mal. 4:5–6; 3 Ne. 25:5–6; D at T 110:13–15; 128:17; JS—K 1:38–39.
GBK Elijah; Susi ng Pagkasaserdote, Mga.
*b* D at T 34:6–9; 43:17–26.
2*a* D at T 27:9; 98:16–17.
*b* GBK Kaligtasan para sa mga Patay; Buklod, Pagbubuklod.

## BAHAGI 3

*Paghahayag na ibinigay kay Joseph Smith, ang Propeta, sa Harmony, Pennsylvania, Hulyo 1828, tungkol sa pagkawala ng 116 na pahina ng manuskritong isinalin mula sa unang bahagi ng Aklat ni Mormon, na tinatawag na aklat ni Lehi. Atubiling pinahintulutan ng Propeta ang mga pahinang ito mula sa kanyang pag-iingat na mapasakamay ni Martin Harris, na naglingkod ng maikling panahon bilang tagasulat sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon. Ang paghahayag ay ibinigay sa pamamagitan ng Urim at Tummim. (*History of the Church, *1:21–23.) (Tingnan sa bahagi 10.)*

*1–4, Ang hakbangin ng Panginoon ay isang walang hanggang pag-ikot; 5–15, Si Joseph Smith ay kailangang magsisi o mawalan ng kaloob na makapagsalin; 16–20, Ang Aklat ni Mormon ay lalabas upang iligtas ang mga binhi ni Lehi.*

ANG mga [a]gawain, at ang
mga layunin, at ang mga
hangarin ng Diyos ay hindi
mabibigo, ni mapawawalang-
saysay.
2 Sapagkat ang [a]Diyos ay hin-
di lumalakad sa mga liku-
likong landas, ni siya ay buma-
baling sa kanan ni sa kaliwa, ni
siya ay nagpapabagu-bago sa
yaong kanyang sinabi, sama-
katwid ang kanyang landas ay
tuwid, at ang kanyang [b]hakba-
ngin ay isang walang hang-
gang pag-ikot.
3 Tandaan, tandaan na hindi
ang [a]gawain ng Diyos ang na-
bibigo, kundi ang gawain ng
mga tao;
4 Sapagkat bagaman ang tao
ay makatanggap ng maraming
paghahayag, at magkaroon ng
kapangyarihang makagawa ng
maraming makapangyarihang
gawa, ngunit kung siya ay [a]mag-
yayabang sa kanyang sariling
lakas, at ipagwawalang-kabulu-
han ang mga [b]payo ng Diyos, at
sumusunod alinsunod sa mga
atas ng kanyang sariling kagus-
tuhan at mga [c]makamundong
nasain, siya ay tiyak na babag-
sak at matatamo niya ang [d]pag-
hihiganti ng isang makataru-
ngang Diyos.
5 Masdan, ikaw ay pinagkati-
walaan sa mga bagay na ito,
subalit kayhigpit ng iyong mga
kautusan; at alalahanin din ang
mga ipinangako sa iyo, kung
hindi mo nilabag ang mga ito.
6 At masdan, kaydalas mong
[a]nilabag ang mga kautusan at
ang mga batas ng Diyos, at nag-
padala sa mga [b]panghihikayat
ng mga tao.

**3** 1*a* Awit 8:3–9; D at T 10:43.
2*a* Alma 7:20. GBK Diyos, Panguluhang Diyos.
*b* 1 Ne. 10:18–19; D at T 35:1.
3*a* Gawa 5:38–39; Morm. 8:22; D at T 10:43.
4*a* D at T 84:73. GBK Kapalaluan.
*b* Jac. 4:10; Alma 37:37. GBK Kautusan ng Diyos, Mga; Payo.
*c* GBK Makamundo.
*d* GBK Paghihiganti.
6*a* D at T 5:21; JS—K 1:28–29.
*b* D at T 45:29; 46:7.

7 Sapagkat, masdan, hindi mo dapat [a]kinatakutan ang tao nang higit sa Diyos. Bagaman pinawawalang-kabuluhan ng mga tao ang mga payo ng Diyos, at [b]ipinagwawalang-bahala ang kanyang mga salita—

8 Gayon pa man ikaw ay dapat na naging matapat; at kanya sanang iniunat ang kanyang bisig at itinaguyod ka laban sa lahat ng nag-aapoy na [a]sibat ng [b]kaaway; at siya sana ay nakasama mo sa bawat panahon ng [c]kaguluhan.

9 Masdan, ikaw ay si Joseph, at ikaw ay pinili upang gawin ang gawain ng Panginoon, subalit dahil sa pagkakasala, kung hindi ka mag-iingat ikaw ay babagsak.

10 Subalit tandaan, ang Diyos ay maawain; samakatwid, magsisi sa yaong iyong nagawa na salungat sa kautusang ibinigay ko sa iyo, at ikaw ay pinili pa rin, at muling tinatawag sa gawain;

11 Maliban kung gawin mo ito, ikaw ay pababayaan at magiging katulad ng ibang mga tao, at mawawalan ng kaloob.

12 At kapag hinayaan mo yaong ibinigay ng Diyos sa iyo na liwanag at kapangyarihang [a]makapagsalin, hinayaan mo yaong banal sa mga kamay ng isang masamang [b]tao,

13 Na ipinagwalang-kabuluhan ang mga payo ng Diyos, at sumuway sa pinakabanal na mga pangakong ginawa sa harapan ng Diyos, at umasa sa kanyang sariling paghahatol at [a]nagyabang sa sarili niyang karunungan.

14 At ito ang dahilan kung bakit nawala sa iyo ang iyong mga pribilehiyo nang ilang panahon—

15 Sapagkat hinayaan mo ang payo ng iyong [a]tagapangasiwa na mayurakan mula sa simula.

16 Gayunman, ang aking gawain ay magpapatuloy, sapagkat yayamang ang kaalaman sa isang [a]Tagapagligtas ay nakarating na sa sanlibutan, sa pamamagitan ng [b]patotoo ng mga Judio, gayon din ang [c]kaalaman sa isang Tagapagligtas ay makararating sa aking mga tao—

17 At sa mga [a]Nephita, at sa mga Jacobeo, at sa mga Josefita, at sa mga Zoramita, sa pamamagitan ng patotoo ng kanilang mga ama—

18 At ang [a]patotoong ito ay makararating sa kaalaman ng mga [b]Lamanita, at sa mga Lemuelita, at sa mga Ismaelita, na [c]nanghina sa kawalang-paniniwala dahil sa kasamaan ng kanilang mga ama, na hinayaan ng Panginoon na [d]lipulin ang

7a Awit 27:1; Lu. 9:26; D at T 122:9. GBK Tapang, Matapang; Takot.
b Lev. 26:42–43; 1 Ne. 19:7; Jac. 4:8–10.
8a Ef. 6:16; 1 Ne. 15:24; D at T 27:17.
b GBK Diyablo.
c Alma 38:5.
12a D at T 1:29; 5:4.
b D at T 10:6–8.
13a GBK Kapalaluan.
15a IE ang Panginoon.
16a GBK Tagapagligtas.
b 1 Ne. 13:23–25; 2 Ne. 29:4–6.
c Mos. 3:20.
17a 2 Ne. 5:8–9.
18a GBK Aklat ni Mormon.
b 2 Ne. 5:14; Enos 1:13–18.
c 2 Ne. 26:15–16.
d Morm. 8:2–3.

kanilang mga kapatid na mga Nephita, dahil sa kanilang mga kasamaan at kanilang mga karumal-dumal na gawain.
19 At dahil sa [a]layuning ito kaya iningatan ang mga [b]laminang ito, na naglalaman ng mga talaang ito—nang ang mga [c]pangako ng Panginoon ay matupad, na kanyang ginawa sa kanyang mga tao;
20 At upang ang mga [a]Lamanita ay magkaroon ng kaalaman tungkol sa kanilang mga ama, at upang kanilang malaman ang mga pangako ng Panginoon, at upang [b]paniwalaan nila ang ebanghelyo at [c]magtiwala sa kabutihan ni Jesucristo, at [d]dakilain sa pamamagitan ng pananampalataya sa kanyang pangalan, at sa pamamagitan ng kanilang pagsisisi sila ay maliligtas. Amen.

## BAHAGI 4

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa kanyang ama, si Joseph Smith, Sr., sa Harmony, Pennsylvania, Pebrero 1829 (*History of the Church, *1:28).*

*1–4, Magiting na paglilingkod ang nagliligtas sa mga mangangaral ng Panginoon; 5–6, Mga makadiyos na katangian ang kinakailangan upang maging karapat-dapat sila sa ministeryo; 7, Mga bagay ng Diyos ay kailangang hangarin.*

NGAYON masdan, isang [a]kagila-gilalas na gawain ang malapit nang maganap sa mga anak ng tao.
2 Samakatwid, O ikaw na humaharap sa [a]paglilingkod sa Diyos, tiyaking [b]pinaglilingkuran mo siya nang buong [c]puso, kakayahan, pag-iisip at lakas, upang ikaw ay makatayong [d]walang-sala sa harapan ng Diyos sa huling araw.
3 Samakatwid, kung ikaw ay may mga naising maglingkod sa Diyos ikaw ay [a]tinatawag sa gawain;
4 Sapagkat masdan ang [a]bukid ay puti na upang [b]anihin; at narito, siya na humahawak sa kanyang panggapas nang buo niyang lakas, siya rin ay [c]nag-iimbak nang hindi siya masa-

19*a* 1 Ne. 9:3, 5.
*b* GBK Laminang Ginto, Mga.
*c* 3 Ne. 5:14–15; D at T 10:46–50.
20*a* 2 Ne. 30:3–6; D at T 28:8; 49:24.
*b* Morm. 3:19–21.
*c* 2 Ne. 31:19; Moro. 6:4.
*d* Moro. 7:26, 38.
**4** 1*a* Is. 29:14; 1 Ne. 14:7; 22:8; D at T 6:1; 18:44. GBK Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo.
2*a* GBK Paglilingkod.
*b* Jos. 22:5; 1 Sam. 7:3; D at T 20:19; 76:5.
*c* GBK Puso; Isipan.
*d* 1 Cor. 1:8; Jac. 1:19; 3 Ne. 27:20.
3*a* D at T 11:4, 15; 36:5; 63:57. GBK Tawag, Tinawag ng Diyos, Pagkakatawag.
4*a* Juan 4:35; Alma 26:3–5; D at T 11:3; 33:3, 7.
*b* GBK Pag-aani.
*c* 1 Tim. 6:19.

wi, kundi nagdadala ng kalig-
tasan sa kanyang kaluluwa;
5 At [a]pananampalataya, [b]pag-
asa, [c]pag-ibig sa kapwa-tao at
[d]pagmamahal, na may [e]matang
nakatuon sa [f]kaluwalhatian ng
Diyos, ang kinakailangan upang
maging karapat-dapat siya sa
gawain.
6 Alalahanin ang pananampa-
lataya, [a]karangalan, kaalaman,
kahinahunan, [b]tiyaga, kabaitang
pangkapatid, kabanalan, pag-
ibig sa kapwa-tao, [c]kababaang-
loob, [d]sigasig.
7 [a]Humingi, at ikaw ay ta-
tanggap; kumatok, at ikaw ay
pagbubuksan. Amen.

## BAHAGI 5

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Harmony, Pennsylvania, Marso 1829, sa pakiusap ni Martin Harris (*History of the Church, *1:28–31).*

*1–10, Ang salinlahing ito ay tatanggap ng salita ng Panginoon sa pamamagitan ni Joseph Smith; 11–18, Tatlong saksi ang magpapatotoo sa Aklat ni Mormon; 19–20, Ang salita ng Panginoon ay patutunayan tulad noong unang panahon; 21–35, Si Martin Harris ay maaaring magsisi at maging isa sa mga saksi.*

MASDAN, sinasabi ko sa iyo,
na yayamang ang aking
tagapaglingkod na si [a]Martin
Harris ay nagnais ng isang ka-
tibayan mula sa aking kamay,
na ikaw, na aking tagapagling-
kod na si Joseph Smith, Jun., ay
nag-iingat ng mga [b]laminang
iyong pinatunayan at pinatoto-
hanan na iyong natanggap mula
sa akin;
2 At ngayon, masdan, ito ang
iyong sasabihin sa kanya—siya
na nangusap sa iyo, ay nagsabi
sa iyo: Ako, ang Panginoon, ay
Diyos, at nagbigay ng mga ba-
gay na ito sa iyo, aking taga-
paglingkod na si Joseph Smith,
Jun., at nag-utos sa iyo na ikaw
ay nararapat na tumayong [a]sak-
si sa mga bagay na ito;
3 At aking pinapangyaring
ikaw ay makipagtipan sa akin,
na hindi mo nararapat na ipaki-
kita ang mga iyon maliban sa
yaong mga [a]tao na aking ipinag-
utos sa iyo; at ikaw ay walang
[b]kapangyarihan sa kanila mali-
ban kung ipagkaloob ko ito sa iyo.

5*a* GBK Pananampalataya.
*b* GBK Pag-asa.
*c* GBK Pag-ibig sa Kapwa-tao.
*d* GBK Pagmamahal.
*e* Awit 141:8; Mat. 6:22; Morm. 8:15.
*f* GBK Kaluwalhatian.
6*a* GBK Kabaitan.
*b* GBK Tiyaga.
*c* GBK Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba.
*d* GBK Kasigasigan.
7*a* Mat. 7:7–8; 2 Ne. 32:4. GBK Panalangin.
**5** 1*a* D at T 5:23–24; JS—K 1:61.
*b* GBK Laminang Ginto, Mga.
2*a* GBK Saksi.
3*a* 2 Ne. 27:13. Tingnan din sa Ang Patotoo ng Tatlong Saksi at Ang Patotoo ng Walong Saksi sa mga unang pahina ng Aklat ni Mormon.
*b* 2 Ne. 3:11.

4 At ikaw ay may kaloob na
magsalin ng mga lamina; at ito
ang unang kaloob na aking ibi-
bigay sa iyo; at aking ipinag-
utos na ikaw ay mag-angkin ng
wala nang iba pang kaloob liban
dito hanggang sa ang aking la-
yunin ay matupad dito; sapag-
kat ako ay magkakaloob sa iyo
ng wala nang iba pang kaloob
hanggang sa matapos ito.
5 Katotohanan, sinasabi ko sa
iyo, na kapighatian ang sasapit
sa mga naninirahan sa mundo
kung sila ay [a]hindi makikinig
sa aking mga salita;
6 Dahil pagkaraan nito ikaw ay
[a]oordenan at hahayo at magha-
hatid ng aking [b]salita sa mga
anak ng tao.
7 Masdan, kung sila ay hindi
[a]maniniwala sa aking mga sali-
ta, sila ay hindi maniniwala sa
iyo, aking tagapaglingkod na
Joseph, kung maaari lamang na
ipakita mo sa kanila ang lahat
ng bagay na ipinagkatiwala ko
sa iyo.
8 O, itong [a]mapag-alinlangan
at [b]matitigas ang leeg na salin-
lahi—ang aking galit ay nag-
aalab laban sa kanila.
9 Masdan, katotohanang sina-
sabi ko sa iyo, aking [a]inilaan ang
mga bagay na yaon na aking ipi-
nagkatiwala sa iyo, aking taga-
paglingkod na Joseph, para sa
isang matalinong layunin sa
akin, at ito ay ipaaalam sa mga
darating na salinlahi;
10 Subalit ang salinlahing ito
ay tatanggap ng aking salita sa
pamamagitan mo;
11 At bilang karagdagan sa
iyong patotoo, ang [a]patotoo ng
tatlo sa aking mga tagapagling-
kod, na aking tatawagin at oor-
denan, na kung kanino ay ipa-
kikita ko ang mga bagay na ito,
at sila ay hahayo na dala ang
aking mga salitang ibinigay sa
pamamagitan mo.
12 Oo, kanilang malalaman
nang may katiyakan na ang mga
bagay na ito ay totoo, sapagkat
mula sa langit ko ipahahayag
ito sa kanila.
13 Akin silang bibigyan ng
kapangyarihan upang kanilang
mamasdan at makita ang mga
bagay na ito sa kanilang tunay
na kaanyuan;
14 At walang sinuman ang
pagkakalooban [a]ko ng kapang-
yarihang ito, na tumanggap ng
ganito ring patotoo sa salinla-
hing ito, sa pagsisimula nitong
pagsikat at pagkakatatag ng
aking [b]simbahan mula sa ilang—
na kasinliwanag ng [c]buwan, at
kasingningning ng araw, at ka-
kila-kilabot na tulad ng isang
hukbong may mga bandila.
15 At ang patotoo ng tatlong

5*a* Jer. 26:4–5; Alma 5:37–38; D at T 1:14.
6*a* D at T 20:2–3. GBK Ordenan, Pag-oorden.
*b* 2 Ne. 29:7.
7*a* Lu. 16:27–31; D at T 63:7–12.
8*a* GBK Kawalang-paniniwala.
*b* Morm. 8:33. GBK Kapalaluan.
9*a* Alma 37:18.
11*a* 2 Ne. 27:12; Eter 5:3–4; D at T 17:1–5.
14*a* 2 Ne. 27:13.
*b* GBK Simbahan ni Jesucristo; Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo.
*c* D at T 105:31; 109:73.

[a]saksi ay aking ipahahayag bi-
lang aking salita.
16 At masdan, sinuman ang
[a]naniniwala sa aking mga sali-
ta, sila ay aking [b]dadalawin sa
[c]paghahayag ng aking [d]Espiri-
tu; at sila ay [e]isisilang sa akin,
maging ng sa tubig at ng sa
Espiritu—
17 At ikaw ay kailangang mag-
hintay pa ng kaunting panahon,
sapagkat ikaw ay hindi pa [a]nao-
ordenan—
18 At ang kanilang patotoo ay
patutungo rin sa [a]pagsumpa ng
salinlahing ito kung kanilang
patitigasin ang kanilang mga
puso laban sa mga yaon;
19 Sapagkat isang mapamang-
law na [a]kaparusahan ang pasasa
mga naninirahan sa mundo, at
patuloy na ibubuhos sa pana-pa-
nahon, kung sila ay hindi [b]mag-
sisisi, hanggang ang mundo ay
[c]wala nang laman, at ang mga
naninirahan doon ay masunog
at ganap na malipol ng liwanag
ng aking [d]pagparito.
20 Masdan, sinasabi ko sa iyo
ang mga bagay na ito, maging
tulad ng aking [a]sinabi sa mga
tao tungkol sa pagkawasak ng
Jerusalem; at ang aking [b]salita
ay mapatutunayan sa panahong
ito tulad nang napatunayan
noon.
21 At ngayon aking ipinag-
uutos sa iyo, aking tagapagling-
kod na Joseph, na magsisi at lu-
makad nang mas matwid sa
aking harapan, at huwag nang
patangay pa sa mga panghihi-
kayat ng mga tao;
22 At na ikaw ay maging ma-
tatag sa [a]pagsunod sa mga ka-
utusan na ipinag-utos ko sa
iyo; at kung gagawin mo ito,
masdan ipagkakaloob ko sa iyo
ang buhay na walang hang-
gan, maging ikaw man ay [b]ma-
patay.
23 At ngayon, muli, ako ay na-
ngungusap sa iyo, aking taga-
paglingkod na Joseph, hinggil
sa [a]taong nagnanais na maging
saksi—
24 Masdan, sinasabi ko sa
kanya, kanyang dinadakila ang
kanyang sarili at hindi sapat ang
kanyang pagpapakumbaba sa
harapan ko; subalit kung siya
ay luluhod sa harapan ko, at
magpapakumbaba ng kanyang
sarili sa taimtim na panalangin
at pananampalataya, sa kata-
patan ng kanyang puso, kung

15*a* D at T 17:1–20. GBK Saksi sa Aklat ni Mormon, Mga.
16*a* Eter 4:11.
*b* 1 Ne. 2:16.
*c* D at T 8:1–3.
*d* GBK Espiritu Santo.
*e* GBK Pagbibinyag, Binyagan; Isilang na Muli, Isinilang sa Diyos; Kaloob na Espiritu Santo.
17*a* GBK Karapatan; Ordenan, Pag-oorden.
18*a* 1 Ne. 14:7; D at T 20:13–15.
19*a* D at T 29:8; 35:11; 43:17–27. GBK Huling Araw, Mga; Palatandaan ng Panahon, Mga.
*b* GBK Magsisi, Pagsisisi.
*c* Is. 24:1, 5–6.
*d* Is. 66:15–16; D at T 133:41. GBK Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
20*a* 1 Ne. 1:18; 2 Ne. 25:9.
*b* D at T 1:38.
22*a* GBK Pagsunod, Masunurin, Sumunod.
*b* Alma 60:13; D at T 6:30; 135:1–7.
23*a* D at T 5:1.

gayon ay [a]ipagkakaloob ko sa
kanya na masilayan ang mga
bagay na nais niyang makita.
25 At pagkatapos ay sasabihin
niya sa mga tao ng salinlahing
ito: Masdan, aking nakita ang
mga bagay na ipinakita ng Pa-
nginoon kay Joseph Smith, Jun.,
at [a]nalalaman ko nang may ka-
tiyakan na ang mga yaon ay
totoo, sapagkat nakita ko ang
mga ito, sapagkat ipinakita ang
mga ito sa akin sa pamamagi-
tan ng kapangyarihan ng Diyos
at hindi ng tao.
26 At ako, ang Panginoon ay
nag-uutos sa kanya, sa aking
tagapaglingkod na si Martin
Harris, na hindi siya magsasabi
ng ano pa man sa kanila hing-
gil sa mga bagay na ito, maliban
sa sasabihin niya: Aking nakita
ang mga yaon, at ang mga yaon
ay ipinakita sa akin sa pama-
magitan ng kapangyarihan ng
Diyos; at ito ang mga salitang
kanyang sasabihin.
27 Subalit kung kanyang ita-
tatwa ito ay kanyang lalabagin
ang tipan na kanyang ipinaki-
pagtipan sa akin noong una, at
masdan, siya ay parurusahan.
28 At ngayon, maliban kung
siya ay magpakumbaba at ami-
nin sa akin ang mga bagay na
kanyang nagawang mali, at ma-
kikipagtipan sa akin na susun-
din niya ang aking mga kautu-
san, at mananampalataya sa
akin, masdan, sinasabi ko sa
kanya, hindi siya makasisilay
ng mga gayong bagay, sapag-
kat ako ay hindi magkakaloob
sa kanya ng pagkakataong ma-
silayan ang mga bagay na aking
sinabi.
29 At kung ito ang mangyaya-
ri, aking ipinag-uutos sa iyo,
aking tagapaglingkod na Joseph,
na iyong sasabihin sa kanya, na
huwag na siyang gumawa pa,
ni abalahin akong muli hinggil
sa mga bagay na ito.
30 At kung ito ang mangyaya-
ri, masdan, sinasabi ko sa iyo
Joseph, kapag ikaw ay nakapag-
salin na ng ilan pang mga pahi-
na ikaw ay titigil ng ilang pana-
hon, maging hanggang sa utu-
san kitang muli; sa panahong
iyon ikaw ay maaari nang ma-
kapagsaling muli.
31 At maliban kung gawin
mo ito, masdan, ikaw ay hindi
na magkakaroon pa ng kaloob,
at aking kukunin ang mga ba-
gay na aking ipinagkatiwala
sa iyo.
32 At ngayon, sapagkat aking
nakikini-kinita ang mga nag-
aabang upang patayin ka, oo,
aking nakikini-kinita na kung
ang aking tagapaglingkod na si
Martin Harris ay hindi magpa-
pakumbaba ng kanyang sarili
at tatanggap ng patotoo mula
sa aking kamay, siya ay mahu-
hulog sa paglabag;
33 At marami ang nag-aabang
upang [a]mapatay ka sa ibabaw
ng lupa; at sa dahilang ito,
nang ang mga araw mo ay tu-
magal pa, aking ibinigay sa iyo
ang mga kautusang ito.

24*a* Tingnan sa Ang Patotoo ng Tatlong Saksi sa mga unang pahina ng Aklat ni Mormon.
25*a* Eter 5:3.
33*a* D at T 10:6; 38:13, 28.

34 Oo, sa dahilang ito sinabi ko: Tumigil, at tumayo nang walang tinag hanggang ipag-utos ko sa iyo, at ako ay [a]maghahanda ng mga paraan upang maisakatuparan mo ang mga bagay na aking ipinag-utos sa iyo.
35 At kung ikaw ay [a]matapat sa pagsunod sa aking mga kautusan, ikaw ay [b]dadakilain sa huling araw. Amen.

## BAHAGI 6

*Paghahayag na ibinigay kina Joseph Smith, ang Propeta, at Oliver Cowdery, sa Harmony, Pennsylvania, Abril 1829 (* History of the Church, *1:32–35). Si Oliver Cowdery ay nagsimula sa kanyang gawain bilang tagasulat sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon, ika-7 ng Abril 1829. Nakatanggap na siya ng isang pagpapatunay na mula sa langit tungkol sa katotohanan ng patotoo ng Propeta tungkol sa mga lamina na kung saan ay nakaukit ang tala ng Aklat ni Mormon. Ang Propeta ay nagtanong sa Panginoon sa pamamagitan ng Urim at Tummim at natanggap ang kasagutang ito.*

*1–6, Ang mga manggagawa sa bukid ng Panginoon ay magtatamo ng kaligtasan; 7–13, Wala nang ibang kaloob ang hihigit pa sa kaloob na kaligtasan; 14–27, Ang katibayan ng katotohanan ay ipinadarama sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu; 28–37, Umasa kay Cristo, at patuloy na gumawa ng kabutihan.*

ISANG dakila at [a]kagila-gilalas na gawain ang malapit nang maganap sa mga anak ng tao.
2 Masdan, ako ang Diyos; tumalima sa aking [a]salita, na buhay at mabisa, mas [b]matalas kaysa espadang may dalawang talim, sa paghahati ng mga kasu-kasuan at ng utak sa buto; samakatwid tumalima sa aking mga salita.
3 Masdan, ang [a]bukid ay puti na upang anihin; samakatwid, sinuman ang may nais na maggapas, humawak siya ng kanyang panggapas nang buo niyang lakas, at maggapas habang may araw pa, upang siya ay makapag-ipon ng walang hanggang kaligtasan para sa kanyang kaluluwa sa kaharian ng Diyos.
4 Oo, sinuman ang [a]hahawak ng kanyang panggapas at maggagapas, siya rin ay tinawag ng Diyos.

34*a* 1 Ne. 3:7.
35*a* Ex. 15:26; D at T 11:20.
*b* Juan 6:39–40; 1 Tes. 4:17; 3 Ne. 15:1; D at T 9:14; 17:8; 75:16, 22.
**6** 1*a* Is. 29:14; D at T 4:1–7; 18:44.
2*a* Heb. 4:12; Apoc. 1:16; D at T 27:1.
*b* Hel. 3:29; D at T 33:1.
3*a* Juan 4:35; D at T 31:4; 33:3; 101:64.
4*a* Apoc. 14:15–19; Alma 26:5; D at T 11:3–4, 27.

5 Samakatwid, kung ikaw ay [a]hihingi sa akin ay makatatanggap ka; kung ikaw ay kakatok ay pagbubuksan ka.
6 Ngayon, yayamang ikaw ay humihingi, masdan, sinasabi ko sa iyo, sundin ang aking mga kautusan, at [a]hangaring ihayag at itatag ang kapakanan ng [b]Sion;
7 Huwag [a]maghangad ng mga [b]yaman kundi ng [c]karunungan, at masdan, ang mga [d]hiwaga ng Diyos ay ilalahad sa iyo, at pagkatapos ikaw ay yayaman. Masdan, siya na may buhay na [e]walang hanggan ay mayaman.
8 Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa iyo, maging anuman ang naisin mo sa akin ito ay mapapasaiyo; at kung iyong nanaisin, ikaw ang magiging daan upang makagawa ng maraming kabutihan sa salinlahing ito.
9 Huwag mangaral ng anuman kundi [a]pagsisisi sa salinlahing ito; sundin ang aking mga kautusan, at tumulong na itatag ang aking gawain, alinsunod sa aking mga kautusan, at ikaw ay pagpapalain.
10 Masdan ikaw ay may kaloob, at pinagpala ka dahil sa iyong kaloob. Tandaan na ito ay [a]banal at nagmula sa itaas—
11 At kung ikaw ay [a]magtatanong, malalaman mo ang mga dakila at kagila-gilalas na [b]hiwaga; samakatwid gagamitin mo ang iyong [c]kaloob, upang mapag-alaman mo ang mga hiwaga, upang makapagdala ka ng marami sa kaalaman ng katotohanan, oo, [d]imulat sila sa kamalian ng kanilang mga gawa.
12 Huwag mong ipaalam ang iyong kaloob sa sinuman maliban sa mga yaong kasampalataya. Huwag lapastanganin ang mga bagay na [a]banal.
13 Kung ikaw ay gagawa ng mabuti, oo, at [a]patuloy na magiging [b]matapat hanggang [c]wakas, ikaw ay maliligtas sa kaharian ng Diyos, na siyang pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos; sapagkat wala nang kaloob na mas dadakila pa sa kaloob na [d]kaligtasan.
14 Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa iyo, pinagpala ka dahil sa iyong ginawa; sapagkat ikaw ay [a]nagtanong sa akin, at masdan, sa tuwing magtatanong ka ikaw ay makatatang-

5*a* Mat. 7:7–8.
6*a* 1 Ne. 13:37.
*b* gbk Sion.
7*a* Alma 39:14; D at T 68:31.
*b* 1 Hari 3:10–13; Mat. 19:23; Jac. 2:18–19. gbk Kayamanan; Kamunduhan.
*c* gbk Karunungan.
*d* D at T 42:61, 65. gbk Hiwaga ng Diyos, Mga.
*e* D at T 14:7.
9*a* Alma 29:9; D at T 15:6; 18:14–15; 34:6. gbk Gawaing Pangmisyonero; Magsisi, Pagsisisi.
10*a* D at T 63:64.
11*a* D at T 102:23; JS—K 1:18, 26.
*b* Mat. 11:25; 13:10–11; Alma 12:9.
*c* gbk Kaloob; Kaloob ng Espiritu, Mga.
*d* Sant. 5:20; Alma 62:45; D at T 18:44.
12*a* Mat. 7:6.
13*a* 1 Ne. 15:24.
*b* Mos. 2:41; Eter 4:19; D at T 51:19; 63:47.
*c* gbk Makapagtiis.
*d* gbk Kaligtasan.
14*a* gbk Panalangin.

gap ng tagubilin mula sa aking Espiritu. Kung hindi magkagayon, ikaw ay hindi makararating sa lugar na kinaroroonan mo sa ngayon.
15 Masdan, iyong nalalaman na ikaw ay nagtanong sa akin at aking nilinaw ang iyong [a]pag-iisip; at ngayon ipinaaalam ko sa iyo ang mga bagay na ito upang iyong malaman na ikaw ay naliwanagan sa pamamagitan ng Espiritu ng katotohanan;
16 Oo, sinasabi ko sa iyo, upang iyong malaman na wala nang iba pa kundi Diyos lamang ang [a]nakaaalam ng iyong mga saloobin at hangarin ng iyong [b]puso.
17 Sinasabi ko sa iyo ang mga bagay na ito bilang pagpapatunay sa iyo—na ang mga salita o ang bagay na iyong isinusulat ay [a]totoo.
18 Samakatwid maging [a]masigasig; [b]umagapay sa aking tagapaglingkod na si Joseph, nang tapat, sa anumang mahirap na kalagayan na kanyang masusuungan dahil sa salita.
19 Pagpayuhan siya sa kanyang mga kamalian, at tumanggap din ng payo mula sa kanya. Maging mapagtiis; maging mahinahon; maging mapagtimpi; magkaroon ng pagtitiis, pananampalataya, pag-asa at pag-ibig sa kapwa-tao.
20 Masdan, ikaw ay si Oliver, at ako ay nakipag-usap sa iyo dahil sa iyong mga nais; samakatwid [a]pahalagahan ang mga salitang ito sa iyong puso. Maging matapat at matiyaga sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos, at kita'y aking yayakapin sa bisig ng aking pagmamahal.
21 Masdan, ako si Jesucristo, ang [a]Anak ng Diyos. Ako ang yaong naparito sa sariling akin, at ang [b]sariling akin ay hindi ako tinanggap. Ako ang [c]ilaw na nagliliwanag sa [d]kadiliman, at ang kadiliman ay hindi ito naunawaan.
22 Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa iyo, kung nagnanais ka ng karagdagang katibayan, ipako mo ang isipan sa gabing ikaw ay nagsumamo sa akin sa iyong puso, upang iyong [a]malaman ang hinggil sa katotohanan ng mga bagay na ito.
23 Hindi nga ba't ako ay nangusap ng [a]kapayapaan sa iyong isipan hinggil sa bagay na ito? Ano pang mas higit na [b]katibayan ang iyong matatamo kundi ang mula sa Diyos?
24 At ngayon, masdan, ikaw ay nakatanggap ng isang katibayan; sapagkat kung sinabi ko sa

15*a* GBK Isipan.
16*a* 1 Cron. 28:9; Mat. 12:25; Heb. 4:12; Mos. 24:12; 3 Ne. 28:6.
*b* 1 Hari 8:39.
17*a* D at T 18:2.
18*a* GBK Kasigasigan.
*b* D at T 124:95–96.
20*a* Eter 3:21; D at T 84:85.
21*a* GBK Jesucristo.
*b* Juan 1:10–12; Gawa 3:13–17; 3 Ne. 9:16; D at T 45:8.
*c* Juan 1:5; D at T 10:58. GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo.
*d* GBK Kadiliman, Espirituwal na.
22*a* GBK Pagkilala, Kaloob na.
23*a* GBK Kapayapaan.
*b* 1 Juan 5:9; D at T 18:2.

iyo ang mga bagay na walang sinumang tao ang nakaaalam hindi nga ba't nakatanggap ka ng katibayan?

25 At, masdan, pagkakalooban kita ng isang kaloob, kung nanaisin mo na tanggapin ito mula sa akin, na [a]makapagsalin, maging tulad ng aking tagapaglingkod na si Joseph.

26 Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa iyo, na may mga [a]talaang naglalaman ng marami sa aking ebanghelyo, na itinago dahil sa [b]kasamaan ng mga tao;

27 At ngayon ipinag-uutos ko sa iyo, na kung ikaw ay may mabuting hangarin—isang hangaring mag-ipon ng kayamanan para sa iyong sarili sa langit—sa gayon ikaw ay tutulong sa pagdadala sa liwanag, sa pamamagitan ng iyong kaloob, sa mga yaong bahagi ng aking mga banal na [a]kasulatan na itinago dahil sa kasamaan.

28 At ngayon, masdan, ibinibigay ko sa iyo, at gayon din sa aking tagapaglingkod na si Joseph, ang mga susi ng kaloob na ito, na magdadala sa liwanag sa ministeryong ito; at sa bibig ng dalawa o tatlong [a]saksi ang bawat salita ay mapagtitibay.

29 Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa iyo, kung kanilang tatanggihan ang aking mga salita, at ang bahaging ito ng aking ebanghelyo at ministeryo pinagpala ka, dahil hindi nila magagawa sa iyo ang higit pa sa ginawa nila sa akin.

30 At kahit na kanilang [a]gawin sa iyo ang kanilang ginawa sa akin, pinagpala ka, sapagkat ikaw ay [b]makapananahanang kasama ko sa [c]kaluwalhatian.

31 At kung hindi nila [a]tatanggihan ang aking mga salita, na pagtitibayin ng mga [b]patotoong ibibigay, pinagpala sila, at sa panahong iyon ikaw ay magkakaroon ng kagalakan sa bunga ng iyong mga gawa.

32 Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa iyo, tulad ng aking sinabi sa aking mga disipulo, kung saan may dalawa o tatlong [a]nagkakatipon sa aking pangalan, ukol sa isang bagay, masdan, ako ay naroroon sa [b]gitna nila—maging ako ay nasa gitna ninyo.

33 Huwag [a]matakot na gumawa ng mabuti, aking mga anak, sapagkat kung anuman ang inyong [b]itinanim, iyon din ang inyong aanihin; samakatwid,

25*a* Mos. 8:13; D at T 5:4; 9:1–5, 10.
26*a* D at T 8:1; 9:2. GBK Banal na Kasulatan, Mga—Mga banal na kasulatan na iprinopesiyang lalabas.
*b* GBK Masama, Kasamaan.
27*a* D at T 35:20.
28*a* Deut. 19:15; 2 Cor. 13:1; 2 Ne. 27:12–14; D at T 128:3.
30*a* D at T 5:22; 135:1–7. GBK Martir, Pagkamartir.
*b* Apoc. 3:21.
*c* GBK Kaluwalhatian.
31*a* 3 Ne. 16:10–14; D at T 20:8–15.
*b* GBK Patotoo.
32*a* Mat. 18:19–20. GBK Pagkakaisa.
*b* D at T 29:5; 38:7.
33*a* GBK Tapang, Matapang.
*b* Gal. 6:7–8; Mos. 7:30–31; Alma 9:28; D at T 1:10.

kung kayo ay nagtanim ng kabutihan kayo rin ay aani ng kabutihan bilang inyong gantimpala.
34 Samakatwid, huwag matakot, munting kawan; gumawa ng mabuti; hayaang magsama ang mundo at impiyerno laban sa inyo, sapagkat kung kayo ay itinayo sa aking [a]bato, hindi sila mananaig.
35 Masdan, hindi ko kayo inuusig; humayo kayo sa inyong mga gawain at huwag na muling [a]magkasala; isagawa nang mahinahon ang gawaing ipinag-uutos ko sa inyo.
36 [a]Isaalang-alang ako sa bawat pag-iisip; huwag mag-alinlangan, huwag matakot.
37 [a]Masdan ang sugat na tumagos sa aking tagiliran, at gayon din ang bakas ng mga [b]pako sa aking mga kamay at paa; maging matapat, sundin ang aking mga kautusan, at inyong [c]mamamana ang [d]kaharian ng langit. Amen.

## BAHAGI 7

*Paghahayag na ibinigay kina Joseph Smith, ang Propeta, at Oliver Cowdery, sa Harmony, Pennsylvania, Abril 1829, nang sila ay magtanong sa pamamagitan ng Urim at Tummim hinggil sa kung si Juan, ang pinakamamahal na disipulo, ay namalagi sa katawang-lupa o namatay. Ang paghahayag ay isang naisaling ulat ng talaang isinulat ni Juan sa balat ng tupa at itinago niya na rin (*History of the Church, *1:35–36).*

*1–3, Si Juan, ang Pinakamamahal ay mananatiling buhay hanggang sa pumarito ang Panginoon; 4–8, Sina Pedro, Santiago, at Juan ang may hawak ng mga susi ng ebanghelyo.*

AT sinabi ng Panginoon sa akin: Juan, aking [a]pinakamamahal, ano ang [b]ninanais mo? Sapagkat kung iyong hihilingin kung ano ang iyong ninanais, ito ay ipagkakaloob sa iyo.
2 At sinabi ko sa kanya: Panginoon, ibigay ninyo sa akin ang kapangyarihan sa [a]kamatayan, upang ako ay mabuhay at makapagdala ng mga kaluluwa sa inyo.
3 At sinabi ng Panginoon sa akin: Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa iyo, dahil

34*a* Awit 71:3; Mat. 7:24–25; 1 Cor. 10:1–4; Hel. 5:12; D at T 10:69; 18:4, 17; 33:13; Moi. 7:53. GBK Bato.
35*a* Juan 8:3–11.
36*a* Is. 45:22; D at T 43:34.
37*a* GBK Jesucristo—Mga pagpapakita ni Cristo matapos maging mortal.
*b* GBK Pagpapako sa Krus.
*c* Mat. 5:3, 10; 3 Ne. 12:3, 10.
*d* GBK Kaharian ng Diyos o Kaharian ng Langit.
**7** 1*a* GBK Juan, Anak ni Zebedeo.
*b* 3 Ne. 28:1–10.
2*a* Lu. 9:27. GBK Kamatayan, Pisikal na.

ninanais mo ito ikaw ay [a]mamamalagi hanggang sa ako ay pumarito sa aking [b]kaluwalhatian, at [c]magpopropesiya sa mga bansa, lahi, wika, at tao.
4 At dahil dito ang Panginoon ay nagsabi kay Pedro: Kung kalooban ko na siya ay mamalagi hanggang sa pumarito ako, ano ito sa iyo? Sapagkat hiniling niya sa akin na siya ay makapagdala ng mga kaluluwa sa akin, subalit ikaw ay humiling na ikaw ay kaagad na makatungo sa akin sa aking [a]kaharian.
5 Sinasabi ko sa iyo, Pedro, ito ay isang mabuting naisin; subalit ang aking pinakamamahal ay nagnais na siya ay makagawa pa nang marami, o mas dakila pang gawain sa mga tao kaysa sa nagawa niya noon.
6 Oo, isagawa niya ang isang mas dakilang gawain; kaya gagawin ko siyang tulad ng nagaalab na apoy at isang [a]naglilingkod na anghel; siya ay maglilingkod para sa yaong mga [b]magmamana ng kaligtasan na naninirahan sa [c]mundo.
7 At gagawin kong ikaw ay maglingkod para sa kanya at para sa iyong kapatid na si Santiago; at sa inyong tatlo ibibigay ko ang kapangyarihang ito at ang mga [a]susi ng ministeryong ito hanggang sa ako ay pumarito.
8 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, kapwa ninyo tatanggapin ang naaayon sa inyong mga ninanais, sapagkat kapwa kayo [a]nagagalak sa yaong inyong ninais.

## BAHAGI 8

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, kay Oliver Cowdery, sa Harmony, Pennsylvania, Abril 1829 (*History of the Church, *1:36–37). Habang nagsasalin ng Aklat ni Mormon, si Oliver, na nagpatuloy na maglingkod bilang tagasulat, nagsusulat sa dikta ng Propeta, ay nagnais na mabigyan ng kaloob na makapagsalin. Ang Panginoon ay tumugon sa kanyang pagsusumamo sa pamamagitan ng pagkakaloob ng paghahayag na ito.*

*1–5, Ang paghahayag ay dumarating sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo; 6–12, Ang kaalaman sa mga hiwaga ng Diyos at ang kapangyarihang magsalin ng mga sinaunang talaan ay dumarating sa pamamagitan ng pananampalataya.*

3*a* Juan 21:20–23. GBK Taong Nagbagong-kalagayan, Mga.
*b* GBK Kaluwalhatian; Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
*c* Apoc. 10:11.
4*a* GBK Kaharian ng Diyos o Kaharian ng Langit.
6*a* D at T 130:5.
*b* D at T 76:86–88.
*c* Juan 10:8–11; D at T 77:14.
7*a* Mat. 16:19; Gawa 15:7; JS—K 1:72. GBK Susi ng Pagkasaserdote, Mga.
8*a* GBK Kagalakan.

[a]OLIVER Cowdery, katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa iyo, yayamang ang Panginoon ay buhay, na iyong Diyos at iyong Manunubos, tiyak na matatanggap mo ang [b]kaalaman ng anumang bagay na iyong [c]hihilingin nang may pananampalataya, nang may tapat na puso, naniniwala na matatanggap mo ang kaalaman hinggil sa mga nakaukit sa mga lumang [d]talaan, na mga sinauna, na naglalaman ng mga yaong bahagi ng aking banal na kasulatan na binanggit sa pamamagitan ng [e]paghahayag ng aking Espiritu.

2 Oo, masdan, [a]sasabihin ko sa iyo sa iyong isipan at sa iyong [b]puso, sa pamamagitan ng [c]Espiritu Santo, na pasasaiyo at mananahanan sa iyong puso.

3 Ngayon, masdan, ito ang diwa ng paghahayag; masdan, ito ang diwa kung paano nadala ni Moises ang mga anak ni Israel patawid sa [a]Dagat na Pula patungo sa tuyong lupa.

4 Samakatwid ito ang iyong kaloob; gamitin ito, at pinagpala ka, sapagkat ito ang magliligtas sa iyo sa mga kamay ng iyong mga kaaway, kung saan, kung hindi ito magkagayon, papatayin ka nila at dadalhin ang iyong kaluluwa sa pagkawasak.

5 O, tandaan ang mga [a]salitang ito, at sundin ang aking mga kautusan. Tandaan, ito ay iyong kaloob.

6 Ngayon hindi lamang ito ang iyong kaloob; sapagkat ikaw ay may isa pang kaloob, na kaloob ni Aaron; masdan, ito ay nagpahayag sa iyo ng maraming bagay;

7 Masdan, wala nang iba pang kapangyarihan, maliban sa kapangyarihan ng Diyos, na makapagdudulot ng kaloob na ito ni Aaron na mapasaiyo.

8 Samakatwid, huwag mag-alinlangan, sapagkat ito ay kaloob ng Diyos; at ikaw ang magtatangan nito sa iyong mga kamay, at gagawa ng mga kagila-gilalas na gawa; at walang kapangyarihang makakukuha nito sa iyong mga kamay, sapagkat ito ay gawain ng Diyos.

9 At, samakatwid, anuman ang iyong hilingin sa akin na sabihin sa iyo sa pamamaraang yaon, yaon ay aking ipagkakaloob sa iyo, at ikaw ay magkakaroon ng kaalaman hinggil doon.

10 Tandaan na kung walang [a]pananampalataya ay wala kang magagawa; samakatwid humingi nang may pananampalataya. Huwag lapastanganin ang mga bagay na ito; huwag [b]hilingin yaong hindi mo dapat hilingin.

11 Hilingin na iyong malaman

**8** 1*a* JS—K 1:66.
GBK Cowdery, Oliver.
*b* GBK Kaalaman.
*c* GBK Panalangin.
*d* D at T 6:26–27; 9:2.
*e* D at T 5:16.
2*a* D at T 9:7–9.
GBK Paghahayag.
*b* GBK Puso.
*c* GBK Espiritu Santo.
3*a* Ex. 14:13–22;
Deut. 11:4; 1 Ne. 4:2;
Mos. 7:19.
GBK Dagat na Pula.
5*a* Deut. 11:18–19.
10*a* GBK Pananampalataya.
*b* D at T 88:63–65.

ang mga hiwaga ng Diyos, at nang sa gayon ikaw ay [a]makapagsalin at makatanggap ng kaalaman sa lahat ng yaong sinaunang mga talaang ikinubli, na mga banal; at alinsunod sa iyong pananampalataya siyang mangyayari sa iyo.
12 Masdan, ako ang nangusap nito, at ako ang siya ring nangusap mula pa noong una. Amen.

## BAHAGI 9

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, kay Oliver Cowdery, sa Harmony, Pennsylvania, Abril 1829 (*History of the Church, *1:37–38). Si Oliver ay pinaalalahanang maging matiyaga, at hinikayat na masiyahan na lamang sa pagsusulat, sa panahong iyon, sa dikta ng tagapagsalin, sa halip na magtangkang magsalin.*

*1–6, Iba pang mga sinaunang talaan ay isasalin din; 7–14, Ang Aklat ni Mormon ay isinalin sa pamamagitan ng pag-aaral at sa pamamagitan ng espirituwal na pagpapatibay.*

MASDAN, sinasabi ko sa iyo, aking anak, na dahil hindi ka [a]nagsalin alinsunod sa yaong hiniling sa akin, at muling nagsimulang [b]magsulat para sa aking tagapaglingkod, si Joseph Smith, Jun., samakatwid nais kong ikaw ay magpatuloy hanggang sa matapos mo ang talaang ito, na aking ipinagkatiwala sa kanya.
2 At pagkatapos, masdan, may [a]iba pa akong mga [b]talaan, na aking ibibigay sa iyo ang kapangyarihan upang ikaw ay makatulong na magsalin.
3 Maging matiyaga, aking anak, sapagkat ito ay karunungan sa akin, at hindi kinakailangang ikaw ay magsalin sa ngayon.
4 Masdan, ang gawain kung saan tinawag kang gumawa ay magsulat para sa aking tagapaglingkod na si Joseph.
5 At, masdan, ito ay dahil sa hindi ka nagpatuloy tulad ng iyong pinasimulan, nang ikaw ay magsimulang magsalin, kaya aking kinuha ang pribilehiyong ito sa iyo.
6 Huwag [a]bumulung-bulong, aking anak, sapagkat karunungan sa akin na ikaw ay pakitunguhan ko sa ganitong pamamaraan.
7 Masdan, hindi mo naunawaan; inakala mo na aking ibibigay ito sa iyo, gayong wala kang inisip maliban sa ito ay itanong sa akin.
8 Subalit, masdan, sinasabi ko

11*a* D at T 9:1, 10.
**9** 1*a* D at T 8:1, 11.
*b* JS—K 1:67.
2*a* Isang pagbanggit sa karagdagang gawain ng pagsasalin, kabilang na ang pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia at ang Aklat ni Abraham, kung saan tumulong si Oliver Cowdery bilang isang tagatala.
GBK Pagsasalin ni Joseph Smith (PJS).
*b* D at T 6:26; 8:1.
6*a* GBK Bumulung-bulong.

sa iyo, na kailangan mong [a]pag-
aralan ito sa iyong isipan; pag-
katapos kailangang [b]itanong mo
sa akin kung ito ay tama, at
kung ito ay tama aking papa-
pangyarihin na ang iyong [c]dib-
dib ay [d]mag-alab; samakatwid,
[e]madarama mo na ito ay tama.
9 Subalit kung ito ay hindi
tama wala kang madaramang
gayon, kundi ikaw ay magka-
karoon ng [a]pagkatuliro ng pag-
iisip na magiging dahilan upang
makalimutan mo ang bagay na
mali; samakatwid, hindi ka
makasusulat ng yaong banal
maliban kung ibigay ito sa iyo
mula sa akin.
10 Ngayon, kung nalaman
mo ito ikaw sana ay [a]nakapag-
salin; gayunman, hindi kinaka-
ilangang ikaw ay magsalin nga-
yon.
11 Masdan, iyon ay kinaila-
ngan noong ikaw ay magsimu-
la; subalit [a]natakot ka, at ang
panahon ay lumipas na, at hin-
di na ito kinakailangan ngayon;
12 Sapagkat, hindi mo ba na-
mamasdan na ibinigay ko sa
aking tagapaglingkod na si
[a]Joseph ang sapat na lakas,
kung kaya ito ay nagawa? At
sinuman sa inyo ay hindi ko
inusig.
13 Gawin ang bagay na ito na
aking ipinag-uutos sa iyo, at
ikaw ay uunlad. Maging mata-
pat, at huwag magpadaig sa
anumang [a]tukso.
14 Manatiling matatag sa [a]ga-
wain kung saan kita [b]tinawag,
at isa mang buhok sa iyong ulo
ay hindi malalagas, at ikaw
ay [c]dadakilain sa huling araw.
Amen.

## BAHAGI 10

*Paghahayag na ibinigay kay Joseph Smith, ang Propeta, sa Harmony, Pennsylvania, sa tag-araw ng 1828 (* History of the Church, *1:20–23). Ipinaalam dito ng Panginoon kay Joseph ang mga pagbabagong ginawa ng masasamang tao sa 116 na pahina ng manuskrito mula sa pagsasalin ng aklat ni Lehi, sa Aklat ni Mormon. Ang mga pahina ng manuskritong ito ay nawala sa pag-iingat ni Martin Harris, na kung kanino ang mga pahina ay pansamantalang ipinagkatiwala. (Tingnan ang ulo ng bahagi 3.) Ang masamang balak ay hintayin ang inaasahang pagsasaling muli ng mga bagay na nilalaman ng mga ninakaw na pahina, at pagkatapos ay pag-alinlanganan ang nagsalin sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga pagkakaiba na nalikha ng ginawang mga pagbabago. Na ang masamang layuning ito ay binalangkas niyong masama, na alam ng Panginoon maging noong si Mormon, ang sinaunang mananalaysay na Nephita, ay*

8*a* GBK Pagbulay-bulay.
*b* GBK Panalangin.
*c* Lu. 24:32.
*d* GBK Inspirasyon; Patotoo.
*e* D at T 8:2–3.
9*a* D at T 10:2.
10*a* D at T 8:11.
11*a* GBK Takot.
12*a* D at T 18:8.
13*a* GBK Tukso, Panunukso.
14*a* 1 Cor. 16:13.
*b* GBK Tawag, Tinawag ng Diyos, Pagkakatawag.
*c* Alma 13:29; D at T 17:8.

*gumagawa ng kanyang pagpapaikling ulat sa mga natipong lamina, ay ipinakita sa Aklat ni Mormon (tingnan sa Ang mga Salita ni Mormon 1:3–7).*

*1–26, Pinukaw ni Satanas ang masasamang tao upang salungatin ang gawain ng Panginoon; 27–33, Hinahangad niyang wasakin ang mga kaluluwa ng mga tao; 34–52, Ang ebanghelyo ay makararating sa mga Lamanita at sa lahat ng bansa sa pamamagitan ng Aklat ni Mormon; 53–63, Itatatag ng Panginoon ang kanyang Simbahan at kanyang ebanghelyo sa mga tao; 64–70, Kanyang titipunin ang mga nagsisisi sa kanyang Simbahan at ililigtas ang mga masunurin.*

NGAYON, masdan, sinasabi ko sa iyo, sapagkat ibinigay mo ang yaong mga kasulatan na binigyan ka ng kapangyarihang maisalin sa pamamagitan ng [a]Urim at Tummim, sa kamay ng isang [b]masamang tao, nawala mo ang mga yaon.

2 At iyo ring nawala ang iyong kaloob sa panahon ding yaon, at ang iyong [a]isipan ay naging madilim.

3 Gayunman, ito ngayon ay [a]ibinalik na sa iyong muli; samakatwid tiyaking ikaw ay matapat at magpatuloy sa pagtatapos ng mga nalalabing gawain ng pagsasalin tulad ng iyong sinimulan.

4 Huwag kang tumakbo nang mas [a]mabilis o gumawa nang labis kaysa sa iyong [b]lakas at kakayahan na inilaan sa iyo upang makapagsalin; sa halip maging [c]masigasig hanggang sa katapusan.

5 [a]Manalangin tuwina, nang ikaw ay magtagumpay; oo, nang iyong mapagtagumpayan si Satanas, at nang iyong matakasan ang kamay ng mga tagapaglingkod ni Satanas na tumatangkilik sa kanyang gawain.

6 Masdan, kanilang hinangad na ikaw ay [a]pinsalain; oo, maging ang [b]taong iyong pinagkatiwalaan ay naghangad na ikaw ay pinsalain.

7 At sa kadahilanang ito sinasabi ko na siya ay isang masamang tao, sapagkat kanyang hinangad na kunin ang mga bagay na aking ipinagkatiwala sa iyo; at kanya ring hinangad na wasakin ang iyong kaloob.

8 At sapagkat ibinigay mo ang mga kasulatan sa kanyang mga kamay, masdan, kinuha ito ng masasamang tao mula sa iyo.

9 Samakatwid, ibinigay mo ang mga yaon, oo, ang yaong banal, sa kasamaan.

10 At, masdan, inilagay ni [a]Satanas sa kanilang mga puso na baguhin ang mga salita na iyong pinapangyaring maisulat,

**10** 1*a* gbk Urim at Tummim.
*b* D at T 3:1–15.
2*a* gbk Isipan.
3*a* D at T 3:10.
4*a* Mos. 4:27.
*b* Ex. 18:13–26.
*c* Mat. 10:22.
gbk Kasigasigan.
5*a* 3 Ne. 18:15–21.
gbk Panalangin.
6*a* D at T 5:32–33; 38:13.
*b* D at T 5:1–2.
10*a* gbk Diyablo.

o yaong iyong naisalin, na nawala sa iyong mga kamay.
11 At masdan, sinasabi ko sa iyo, na dahil binago nila ang mga salita, mababasang salungat ang mga ito mula sa iyong pagkakasalin at pinapangyaring maisulat;
12 At, sa paraang ito, ang diyablo ay naghangad na maghanda ng isang tusong balak, upang kanyang mawasak ang gawaing ito;
13 Sapagkat kanyang inilagay sa kanilang mga puso na gawin ito, na sa pamamagitan ng pagsisinungaling ay kanilang masabing ikaw ay kanilang [a]nahuli sa mga salita na iyong ipinagpanggap na isinalin.
14 Katotohanan, sinasabi ko sa iyo, na hindi ko hahayaang maisakatuparan ni Satanas ang kanyang masamang layunin sa bagay na ito.
15 Sapagkat masdan, kanyang inilagay ito sa kanilang mga puso upang mahikayat kang tuksuhin ang Panginoon mong Diyos, sa paghiling na isalin itong muli.
16 At pagkatapos, masdan, kanilang sasabihin at iisipin sa kanilang mga puso—Ating titingnan kung binigyan siya ng Diyos ng kapangyarihang makapagsalin; kung gayon nga, kanya siyang bibigyang muli ng kapangyarihan;
17 At kung bibigyan siyang muli ng Diyos ng kapangyarihan, o kung siya ay magsaling muli, o, sa ibang salita, kung siya ay makasusulat ng gayon ding mga salita, masdan, nasa atin ang mga yaon, at atin nang nabago ang mga yaon;
18 Samakatwid hindi magtutugma ang mga yaon, at ating sasabihin na siya ay nagsinungaling sa kanyang mga salita, at na siya ay walang kaloob, at na siya ay walang kapangyarihan;
19 Samakatwid atin siyang mapipinsala, at gayon din ang gawain; at ating gagawin ito nang hindi tayo mapahiya sa bandang huli, at nang makuha natin ang papuri ng sanlibutan.
20 Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa iyo, si Satanas ay may malakas na pagkakahawak sa kanilang mga puso; kanyang [a]pinukaw sila sa [b]kasamaan laban sa yaong mabuti;
21 At ang kanilang mga puso ay [a]tiwali, at puno ng [b]kasamaan at karumal-dumal na gawain; at kanilang [c]mahal ang [d]kadiliman kaysa sa liwanag, sapagkat ang kanilang mga [e]gawa ay masasama; samakatwid hindi sila hihiling sa akin.
22 Pinupukaw sila ni [a]Satanas, upang kanyang [b]madala ang kanilang mga kaluluwa tungo sa pagkawasak.
23 At sa gayon siya naghanda ng isang tusong balak, iniisip na

13*a* Jer. 5:26.
20*a* 2 Ne. 28:20–22.
*b* GBK Kasalanan.
21*a* D at T 112:23–24.
*b* GBK Masama, Kasamaan.
*c* Moi. 5:13–18.
*d* Mos. 15:26. GBK Kadiliman, Espirituwal na.
*e* Juan 3:18–21; D at T 29:45.
22*a* 2 Ne. 2:17–18.
*b* GBK Tukso, Panunukso.

wasakin ang gawain ng Diyos;
subalit aking ipasasagot ito sa
kanilang mga kamay, at ito ay
magdudulot sa kanila ng kahi-
hiyan at kahatulan sa araw ng
[a]paghuhukom.
24 Oo, kanyang pinukaw ang
kanilang mga puso na magalit
laban sa gawaing ito.
25 Oo, sinabi niya sa kanila:
Manlinlang at magkubli upang
makabitag, upang kayo ay ma-
kapinsala; masdan, hindi ito
masama. At sa gayon niya sila
hinihibok, at sinasabi sa kanila
na hindi kasalanan ang [a]mag-
sinungaling upang mahuli nila
ang isang tao sa pamamagitan
ng pagsisinungaling, upang ka-
nilang mapinsala siya.
26 At sa gayon niya sila hini-
hibok, at kanya silang [a]inaakay
hanggang kanyang mahila ang
kanilang mga kaluluwa sa [b]im-
piyerno; at sa gayon kanyang
pinapangyari na mahuli sila sa
kanilang sariling [c]patibong.
27 At sa gayon siya ay panhik-
panaog, [a]paroon at parito sa
mundo, naghahangad na [b]ma-
wasak ang mga kaluluwa ng tao.
28 Katotohanan, katotohanan,
sinasabi ko sa iyo, sa aba niya na
nagsisinungaling upang [a]maka-
linlang sapagkat inaakala niya
na may iba pang nagsisinunga-
ling upang makalinlang, sapag-
kat ang mga gayon ay hindi ma-
kaliligtas mula sa [b]katarungan
ng Diyos.
29 Ngayon, masdan, kanilang
binago ang mga salitang ito, sa-
pagkat sinabi ni Satanas sa ka-
nila: Kanya kayong nilinlang—
at sa gayon niya sila hinibok
upang gumawa ng kasamaan,
upang mahimok kang [a]tuksuhin
ang Panginoon mong Diyos.
30 Masdan, sinasabi ko sa iyo,
na huwag mo nang isaling muli
yaong mga salitang nawala sa
iyong mga kamay;
31 Sapagkat, masdan, hindi
nila maisasakatuparan ang ka-
nilang masasamang layunin sa
pagsisinungaling laban sa mga
salitang yaon. Sapagkat, mas-
dan, kung iyong isusulat ang
mga gayon ding salita kanilang
sasabihing ikaw ay nagsinunga-
ling at na ikaw ay nagpanggap
lamang na nakapagsalin, subalit
sinalungat mo ang iyong sarili.
32 At, masdan, kanilang ilalat-
hala ito, at patitigasin ni Sata-
nas ang puso ng mga tao upang
pukawin sila na magalit laban
sa iyo, upang hindi nila pani-
walaan ang aking mga salita.
33 Sa gayon iniisip ni [a]Satanas
na daigin ang iyong patotoo sa
salinlahing ito, upang ang ga-
wain ay hindi maisagawa sa sa-
linlahing ito.
34 Subalit masdan, narito ang
karunungan, at dahil ipinaalam

23*a* Hel. 8:25; D at T 121:23–25.
25*a* 2 Ne. 2:18; 28:8–9; Alma 10:17; Moi. 4:4. GBK Pagsisinungaling.
26*a* GBK Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan.
*b* GBK Impiyerno.
*c* Kaw. 29:5–6; 1 Ne. 14:3.
27*a* Job 1:7.
*b* 2 Ne. 28:19–23; D at T 76:28–29.
28*a* GBK Mapanlinlang, Manlinlang, Panlilinlang.
*b* Rom. 2:3. GBK Katarungan.
29*a* Mat. 4:7.
33*a* GBK Diyablo.

ko sa iyo ang [a]karunungan, at ibinigay sa iyo ang mga kautusan hinggil sa mga bagay na ito, kung ano ang iyong gagawin, huwag mo itong ipaaalam sa sanlibutan hanggang sa maisakatuparan mo ang gawain ng pagsasalin.
35 Huwag manggilalas na sinabi ko sa iyo: Narito ang karunungan, huwag mo itong ipaaalam sa sanlibutan—sapagkat sinabi ko, huwag itong ipaaalam sa sanlibutan, nang ikaw ay mapangalagaan.
36 Masdan, hindi ko sinabi na huwag itong ipaalam sa mabubuti;
37 Subalit yayamang hindi mo tuwinang makikilala kung sino ang [a]mabubuti; o hindi mo tuwinang makikilala ang masasama sa mabubuti, samakatwid sinasabi ko sa iyo, [b]manahimik ka muna hanggang sa makita kong nararapat nang ipaalam ang lahat ng bagay sa sanlibutan hinggil dito.
38 At ngayon, katotohanan sinasabi ko sa iyo, na isang ulat ng mga yaong [a]iyong naisulat na, na nawala sa iyong mga kamay, ay nakaukit sa mga [b]lamina ni Nephi;
39 Oo, at natatandaan mo na nasabi sa mga kasulatang yaon na isang mas detalyadong ulat ang ibinigay ukol sa mga ito sa mga lamina ni Nephi.
40 At ngayon, sapagkat ang ulat na nakaukit sa mga lamina ni Nephi ay mas detalyado hinggil sa mga bagay na, sa aking karunungan, aking ipararating sa kaalaman ng mga tao sa ulat na ito—
41 Samakatwid, iyong isasalin ang mga nakaukit na nasa mga [a]lamina ni Nephi, maging hanggang sa paghahari ni haring Benjamin, o hanggang sa yaong iyong naisalin na, na iyong iningatan;
42 At masdan, iyong ipalalathala ito bilang talaan ni Nephi; at sa gayon ko guguluhin ang isip ng mga yaong nagbago ng aking mga salita.
43 Hindi ko hahayaan na kanilang wasakin ang aking gawain; oo, aking ipakikita sa kanila na ang aking karunungan ay nakahihigit kaysa sa katusuhan ng diyablo.
44 Masdan, isang bahagi lamang ang nasa kanila, o isang pinaikling ulat ng salaysay ni Nephi.
45 Masdan, maraming bagay ang nakaukit sa mga lamina ni Nephi na magbibigay ng mas malawak na pananaw sa aking ebanghelyo; samakatwid, karunungan sa akin na nararapat mong isalin itong unang bahagi ng mga ukit ni Nephi, at nailathala sa gawaing ito.
46 At, masdan, ang lahat ng na-

34*a* GBK Karunungan.
37*a* Mat. 23:28.
*b* Ex. 14:14.
38*a* Sa pambungad sa unang edisyon ng Aklat ni Mormon, ipinaliwanag ng Propeta na ang tala sa nawalang 116 na pahina ay naisalin mula sa isang bahagi ng mga lamina na tinawag na "Aklat ni Lehi."
*b* GBK Lamina, Mga.
41*a* S ni M 1:3–7.

lalabi sa [a]gawaing ito ay naglalaman ng lahat ng bahagi ng aking [b]ebanghelyo na [c]hiniling ng aking mga banal na propeta, oo, gayon din ng aking mga disipulo, sa kanilang mga panalangin na nararapat maiparating sa mga taong ito.

47 At sinabi ko sa kanila, na ito ay [a]ipagkakaloob sa kanila alinsunod sa kanilang [b]pananampalataya sa kanilang mga panalangin;

48 Oo, at ito ang kanilang pananampalataya—na ang aking ebanghelyo, na aking ibinigay sa kanila upang kanilang maipangaral sa kanilang mga araw, ay makarating sa kanilang mga kapatid na mga [a]Lamanita, at gayon din sa lahat ng naging mga Lamanita dahil sa kanilang mga alitan.

49 Ngayon, hindi lamang ito—ang kanilang pananampalataya sa kanilang mga panalangin na ang ebanghelyong ito ay ipaalam din, kung maaari sa ibang bansa na magmamay-ari ng lupaing ito;

50 At sa gayon sila nag-iwan ng pagbabasbas sa lupaing ito sa kanilang mga panalangin, na sinuman ang maniwala sa ebanghelyong ito sa lupaing ito ay magkaroon ng buhay na walang hanggan;

51 Oo, na ito ay maging malaya sa lahat ng alinmang bansa, lahi, wika, o kahit sino mang tao.

52 At ngayon, masdan, alinsunod sa kanilang pananampalataya sa kanilang mga panalangin aking ipararating ang bahaging ito ng aking ebanghelyo sa kaalaman ng aking mga tao. Masdan, hindi ko ito ipararating upang wasakin ang kanilang natanggap na, kundi upang patatagin ito.

53 Sa kadahilanang ito aking sinabi: Kung ang salinlahing ito ay hindi magpapatigas ng kanilang puso, aking itatatag ang aking simbahan sa kanila.

54 Ngayon hindi ko sinasabi ito upang wasakin ang aking simbahan, kundi sinasabi ko ito upang maitatag ang aking simbahan;

55 Samakatwid, sinuman ang nabibilang sa aking simbahan ay hindi kinakailangang [a]matakot, sapagkat sila ang [b]magmamana ng [c]kaharian ng langit.

56 Subalit sila na mga hindi [a]natatakot sa akin, ni sumusunod sa aking mga kautusan kundi nagtatatag ng mga [b]simbahan sa kanilang sarili upang [c]makinabang, oo, at lahat ng yaong gumagawa ng kasamaan at nagtatatag ng kaharian ng diyablo—oo, katotohanan, ka-

46*a* GBK Aklat ni Mormon.
*b* GBK Ebanghelyo.
*c* Enos 1:12–18; Morm. 8:24–26; 9:34–37.
47*a* 3 Ne. 5:13–15; D at T 3:19–20.
*b* GBK Pananampalataya.
48*a* Moro. 10:1–5; D at T 109:65–66.
55*a* GBK Takot.
*b* Mat. 5:10.
*c* GBK Kaharian ng Diyos o Kaharian ng Langit.
56*a* Ec. 12:13–14.
*b* GBK Diyablo—Ang simbahan ng diyablo.
*c* 4 Ne. 1:26.

totohanan, sinasabi ko sa iyo, na sila ang yaong aking gagambalain, at papapangyarihing manginig at mayanig sa kanilang kaibuturan.
57 Masdan, ako si Jesucristo, ang [a]Anak ng Diyos. Ako ay naparito sa sariling akin, at ang sariling akin ay hindi ako tinanggap.
58 Ako ang [a]ilaw na nagliliwanag sa kadiliman, at ang kadiliman ay hindi ito naunawaan.
59 Ako ang siyang nagsabi—Mayroon akong [a]ibang [b]tupa na hindi sa kawang ito—sa aking mga disipulo, at marami sa kanila ang hindi [c]nakaunawa sa akin.
60 At aking ipakikita sa mga taong ito na ako ay may iba pang tupa, at na sila ay sanga ng [a]sambahayan ni Jacob;
61 At aking dadalhin sa liwanag ang kanilang kagila-gilalas na mga gawain, na kanilang ginawa sa aking pangalan;
62 Oo, at akin ding dadalhin sa liwanag ang aking ebanghelyo na ipinangaral sa kanila, at, masdan, hindi nila maitatatwa ang yaong iyong natanggap, kundi kanilang pagtitibayin ito, at dadalhin sa liwanag ang mga tunay na paksa ng aking [a]doktrina, oo, ang tanging doktrina na nasa akin.
63 At ito ay aking ginagawa upang aking maitatag ang aking ebanghelyo, upang huwag nang magkaroon ng labis na pagtatalo; oo, pinukaw ni [a]Satanas ang mga puso ng tao sa [b]pagtatalo hinggil sa mga paksa ng aking doktrina; at sa mga bagay na ito sila ay nagkakamali, sapagkat kanilang [c]binubuno ang mga banal na kasulatan at hindi nauunawaan ang mga ito.
64 Samakatwid, aking ilalahad sa kanila ang dakilang hiwagang ito;
65 Sapagkat, masdan, akin silang [a]titipunin na gaya ng pagtitipon ng isang inahing manok sa kanyang sariling mga sisiw sa ilalim ng kanyang mga pakpak, kung hindi nila patitigasin ang kanilang mga puso;
66 Oo, kung sila ay lalapit, sila ay makalalapit, at malayang makaiinom sa [a]tubig ng buhay.
67 Masdan, ito ang aking doktrina—sinuman ang magsisisi at [a]lalapit sa akin, siya rin ay aking [b]simbahan.
68 Sinuman ang [a]magpapahayag ng higit o kulang kaysa rito, siya rin ay hindi sa akin, kundi [b]laban sa akin; samakatwid siya ay hindi sa aking simbahan.
69 At ngayon, masdan, sinuman ang nasa sa aking simbahan, at mananatili sa aking simbahan hanggang katapusan, siya ay aking itatayo sa aking

57*a* Rom. 1:4.
58*a* D at T 6:21.
59*a* Juan 10:16.
*b* GBK Mabuting Pastol.
*c* 3 Ne. 15:16–18.
60*a* GBK Ubasan ng Panginoon.
62*a* 3 Ne. 11:31–40.
63*a* GBK Diyablo.
*b* GBK Kaguluhan.
*c* 2 Ped. 3:16.
65*a* Lu. 13:34; 3 Ne. 10:4–6; D at T 43:24.
66*a* GBK Buhay na Tubig.
67*a* Mat. 11:28–30.
*b* GBK Simbahan ni Jesucristo.
68*a* 3 Ne. 11:40.
*b* Lu. 11:23.

[a]bato, at ang [b]pintuan ng impi-
yerno ay hindi mananaig laban
sa kanila.
70 At ngayon, tandaan ang
mga salita niya na siyang buhay
at [a]ilaw ng sanlibutan, iyong
Manunubos, iyong [b]Panginoon
at iyong Diyos. Amen.

## BAHAGI 11

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa kanyang kapatid na si Hyrum Smith, sa Harmony, Pennsylvania, Mayo 1829 (* History of the Church, *1:39–46). Ang paghahayag na ito ay natanggap sa pamamagitan ng Urim at Tummim bilang kasagutan sa panalangin at katanungan ni Joseph. Ang* History of the Church *ay nagpapahiwatig na ang paghahayag na ito ay natanggap pagkaraan ng pagpapanumbalik ng Pagkasaserdoteng Aaron.*

*1–6, Ang mga manggagawa sa ubasan ay magtatamo ng kaligtasan; 7–14, Maghangad ng karunungan, mangaral ng pagsisisi, magtiwala sa Espiritu; 15–22, Sundin ang mga kautusan, at pag-aralan ang salita ng Panginoon; 23–27, Huwag itatwa ang diwa ng paghahayag at ng propesiya; 28–30, Yaong tumatanggap kay Cristo ay nagiging mga anak ng Diyos.*

ISANG dakila at [a]kagila-gilalas
na gawain ang malapit nang
maganap sa mga anak ng tao.
2 Masdan, ako ang Diyos; [a]tu-
malima sa aking [b]salita, na bu-
hay at [c]mabisa, mas [d]matalas
kaysa espadang may dalawang
talim, sa paghahati ng mga
kasu-kasuan at ng utak sa buto;
samakatwid tumalima sa aking
salita.
3 Masdan, ang bukid ay [a]puti
na upang anihin; samakatwid,
sinuman ang may nais na gu-
mapas humawak siya ng kan-
yang panggapas nang buo
niyang lakas, at gumapas ha-
bang may araw pa, upang siya
ay [b]makapag-ipon ng [c]walang
hanggang kaligtasan para sa
kanyang kaluluwa sa kaharian
ng Diyos.
4 Oo, sinuman ang hahawak sa
kanyang [a]panggapas at magga-
gapas, siya rin ay tinawag ng
Diyos.
5 Samakatwid, kung ikaw ay
[a]hihingi sa akin ay makatatang-
gap ka; kung ikaw ay kakatok
ay pagbubuksan ka.
6 Ngayon, yayamang ikaw ay
humihingi, masdan, sinasabi ko
sa iyo, sundin ang aking mga
kautusan, at hangaring ipaha-

69*a* GBK Bato.
*b* Mat. 16:18; 2 Ne. 4:31–32; D at T 17:8; 128:10.
70*a* GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo.
*b* GBK Jesucristo.
**11** 1*a* Is. 29:14; D at T 4. GBK Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo.
2*a* 1 Ne. 15:23–25; D at T 1:14; 84:43–45.
*b* Heb. 4:12.
*c* Alma 4:19; 31:5.
*d* Hel. 3:29–30; D at T 6:2.
3*a* D at T 12:3.
*b* Lu. 18:22; Hel. 5:8.
*c* 1 Tim. 6:19.
4*a* Apoc. 14:15; D at T 14:3–4.
5*a* GBK Panalangin.

yag at itatag ang kapakanan ng
[a]Sion.
7 Huwag maghangad ng mga
[a]yaman kundi ng [b]karunungan;
at, masdan, ang mga hiwaga ng
Diyos ay malalahad sa iyo, at
pagkatapos ikaw ay yayaman.
Masdan, siya na may buhay na
walang hanggan ay mayaman.
8 Katotohanan, katotohanan,
sinasabi ko sa iyo, maging anu-
man ang naisin mo sa akin ito
ay mapapasaiyo; at, kung iyong
nanaisin, ikaw ang magiging
daan upang magawa ang ma-
raming kabutihan sa salinla-
hing ito.
9 Huwag [a]magsabi ng anu-
man kundi [b]pagsisisi sa salinla-
hing ito. Sundin ang aking mga
kautusan, at tumulong na ita-
tag ang aking gawain, [c]alinsu-
nod sa aking mga kautusan, at
ikaw ay pagpapalain.
10 Masdan, ikaw ay may [a]kalo-
ob, o ikaw ay magkakaroon ng
kaloob kung ikaw ay hihingi sa
akin nang may pananampala-
taya, nang may [b]matapat na
puso, naniniwala sa kapangya-
rihan ni Jesucristo, o sa aking
kapangyarihan na siyang na-
ngungusap sa iyo;
11 Sapagkat, masdan, ako ang
siyang nangungusap; masdan,
ako ang [a]ilaw na nagliliwanag
sa kadiliman, at sa pamamagi-
tan ng aking [b]kapangyarihan
ibinibigay ko ang mga salitang
ito sa iyo.
12 At ngayon, katotohanan,
katotohanan, sinasabi ko sa iyo,
[a]magtiwala ka sa [b]Espiritung
yaon na nag-aakay sa paggawa
ng mabuti—oo, ang gumawa ng
makatarungan, [c]lumakad nang
may [d]pagpapakumbaba, [e]mag-
hatol nang matwid; at ito ang
aking Espiritu.
13 Katotohanan, katotohanan,
sinasabi ko sa iyo, ipagkakalo-
ob ko sa iyo ang aking Espiritu,
na siyang [a]magbibigay-liwanag
sa iyong [b]isipan, na siyang mag-
pupuspos sa iyong kaluluwa
ng [c]kagalakan;
14 At pagkatapos ay iyong
malalaman, o sa pamamagitan
nito ay iyong malalaman, ang
lahat ng bagay anuman ang na-
isin mo sa akin, na nauukol sa
mga bagay ng [a]kabutihan, nang
may pananampalataya na na-
niniwala sa akin na ikaw ay
makatatanggap.
15 Masdan, iniuutos ko sa iyo
na hindi mo dapat akalain na
ikaw ay tinawag upang ma-

6*a* Is. 52:7–8; D at T 66:11. GBK Sion.
7*a* 1 Hari 3:11–13; 2 Ne. 26:31; Jac. 2:17–19; D at T 38:39.
*b* GBK Karunungan.
9*a* D at T 19:21–22.
*b* GBK Magsisi, Pagsisisi.
*c* D at T 105:5.
10*a* D at T 46:8–12.
*b* Lu. 8:15.
11*a* GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo.
*b* GBK Kapangyarihan.
12*a* D at T 84:116. GBK Pagtitiwala.
*b* Rom. 8:1–9; 1 Juan 4:1–6.
*c* GBK Lumakad, Lumakad na Kasama ng Diyos.
*d* GBK Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba.
*e* Mat. 7:1–5; Alma 41:14–15.
13*a* D at T 76:12.
*b* GBK Isipan.
*c* GBK Kagalakan.
14*a* GBK Matwid, Katwiran.

ngaral hanggang sa ikaw ay [a]tawagin.
16 Maghintay ka nang kaunti pang panahon, hanggang sa matanggap mo ang aking salita, ang aking [a]bato, ang aking simbahan, at ang aking ebanghelyo, upang iyong malaman nang may katiyakan ang aking doktrina.
17 At pagkatapos, masdan, alinsunod sa iyong ninanais, oo, maging alinsunod sa iyong pananampalataya iyon ay mangyayari sa iyo.
18 Sundin ang aking mga kautusan; manahimik; magsumamo ng kaalaman sa aking Espiritu;
19 Oo, [a]mangunyapit sa akin nang iyong buong puso, upang ikaw ay makatulong sa pagdadala sa liwanag ng mga yaong bagay na nabanggit—oo, ang pagsasalin ng aking gawain; maging matiyaga hanggang sa matapos mo ito.
20 Masdan, ito ang iyong gawain, ang [a]sumunod sa aking mga kautusan, oo, nang buo mong kakayahan, pag-iisip at lakas.
21 Huwag hangaring ipahayag ang aking salita, kundi hangarin munang [a]matamo ang aking salita, at pagkatapos ay kakalagan ang iyong dila; pagkatapos, kung iyong nanaisin, mapapasaiyo ang aking Espiritu at ang aking salita, oo, ang kapangyarihan ng Diyos sa ikahihikayat ng mga tao.
22 Subalit sa ngayon ikaw ay manahimik muna; pag-aralan ang [a]aking salita na lumaganap na sa mga anak ng tao, at [b]pag-aralan din ang [c]aking salita na mapapasa mga anak ng tao, o yaong sa ngayon ay isinasalin, oo, hanggang sa iyong matanggap ang lahat ng aking [d]ipagkakaloob sa mga anak ng tao sa salinlahing ito, at pagkatapos ang lahat ng bagay ay idaragdag dito.
23 Masdan ikaw si [a]Hyrum, na aking anak; [b]hanapin ang kaharian ng Diyos, at lahat ng bagay ay idaragdag alinsunod sa yaong makatarungan.
24 [a]Magtayo sa aking bato, na aking [b]ebanghelyo;
25 Huwag itatwa ang diwa ng [a]paghahayag, ni ang diwa ng [b]propesiya, sapagkat sa aba niya na magtatatwa sa mga bagay na ito;
26 Samakatwid, [a]pahalagahan ito sa iyong puso hanggang sa panahon na sa aking karunungan ikaw ay hahayo.

15*a* S ng P 1:5. GBK Karapatan; Tawag, Tinawag ng Diyos, Pagkakatawag.
16*a* D at T 6:34. GBK Bato.
19*a* Jac. 6:5; D at T 98:11.
20*a* GBK Pagsunod, Masunurin, Sumunod.
21*a* Alma 17:2–3; D at T 84:85.
22*a* IE ang Biblia.
*b* GBK Banal na Kasulatan, Mga—Kahalagahan ng mga banal na kasulatan.
*c* IE ang Aklat ni Mormon.
*d* Alma 29:8.
23*a* JS—K 1:4.
*b* Mat. 6:33.
24*a* Mat. 7:24–27.
*b* GBK Ebanghelyo.
25*a* GBK Paghahayag.
*b* Apoc. 19:10. GBK Propesiya, Pagpopropesiya.
26*a* Deut. 11:18; D at T 6:20; 43:34; JS—M 1:37.

27 Masdan, ako ay nangungusap sa lahat ng may mabuting hangarin, at [a]humahawak sa kanyang panggapas upang gumapas.
28 Masdan, ako si [a]Jesucristo, ang Anak ng Diyos. Ako ang buhay at ang [b]ilaw ng sanlibutan.
29 Ako ang siya ring pumarito sa sariling akin at ang sariling akin ay hindi ako tinanggap;
30 Subalit katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa iyo, na kasindami ng tatanggap sa akin, sa kanila ko ibibigay ang [a]kakayahang maging mga [b]anak ng Diyos, maging sa kanila na naniniwala sa aking pangalan. Amen.

## BAHAGI 12

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, kay Joseph Knight, Sr., sa Harmony, Pennsylvania, Mayo 1829 (* History of the Church, *1:47–48). Naniwala si Joseph Knight sa mga sinabi ni Joseph Smith hinggil sa kanyang pagmamay-ari ng mga lamina ng Aklat ni Mormon at ng gawain ng pagsasalin na noon ay ginagawa at ilang ulit na nagbigay ng gamit na pagtulong kay Joseph Smith at sa kanyang tagasulat, na nagpahintulot sa kanilang makapagpatuloy sa pagsasalin. Sa kahilingan ni Joseph Knight, ang Propeta ay nagtanong sa Panginoon at natanggap ang paghahayag na ito.*

*1–6, Ang mga manggagawa sa ubasan ay magtatamo ng kaligtasan; 7–9, Lahat ng nagnanais at karapat-dapat ay maaaring tumulong sa gawain ng Panginoon.*

[a]ISANG dakila at kagila-gilalas na gawain ang malapit nang maganap sa mga anak ng tao.
2 Masdan, ako ang Diyos; tumalima sa aking salita, na buhay at mabisa, mas matalas kaysa espadang may dalawang talim, sa paghahati ng mga kasu-kasuan at ng utak sa buto; samakatwid, tumalima sa aking salita.
3 Masdan, ang bukid ay puti na upang anihin; samakatwid, sinuman ang may nais na gumapas humawak siya ng kanyang panggapas nang buo niyang lakas, at gumapas habang may araw pa, upang siya ay makapag-ipon ng walang hanggang kaligtasan para sa kanyang kaluluwa sa kaharian ng Diyos.
4 Oo, sinuman ang hahawak ng kanyang panggapas at maggagapas, siya rin ay tinawag ng Diyos.
5 Samakatwid, kung ikaw ay hihingi sa akin ay makatatanggap ka; kung ikaw ay kakatok ay pagbubuksan ka.

27*a* GBK Gawaing Pangmisyonero.
28*a* GBK Jesucristo.
*b* GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo.
30*a* Juan 1:12.
*b* GBK Anak na Lalaki at Babae ng Diyos, Mga.
**12** 1*a* Tingnan sa D at T 11:1–6 para sa mga katulad na sanggunian.

6 Ngayon, yayamang ikaw ay humihingi, masdan, sinasabi ko sa iyo sundin ang aking mga kautusan, at hangaring ipahayag at itatag ang kapakanan ng Sion.
7 Masdan, sinasabi ko sa iyo, at gayon din sa mga yaong nagnanais na dalhin at itatag ang gawaing ito;
8 At walang sinuman ang makatutulong sa gawaing ito maliban kung siya ay magiging [a]mapagpakumbaba at puno ng [b]pagmamahal, may [c]pananampalataya, [d]pag-asa, at [e]pag-ibig sa kapwa-tao, na mahinahon sa lahat ng bagay, anuman ang ipinagkatiwala sa kanyang pangangalinga.
9 Masdan, ako ang ilaw at ang buhay ng sanlibutan, na nangungusap ng mga salitang ito, samakatwid tumalima nang buo mong kakayahan, at pagkatapos ikaw ay tatawagin. Amen.

## BAHAGI 13

*Ang ordinasyon kina Joseph Smith at Oliver Cowdery sa Pagkasaserdoteng Aaron sa pampang ng Ilog ng Susquehanna, malapit sa Harmony, Pennsylvania, ika-15 ng Mayo 1829 (*History of the Church, *1:39–42). Ang ordinasyon ay ginawa sa pamamagitan ng mga kamay ng isang anghel, na nagpakilala sa kanyang sarili na si Juan, na siya ring tinatawag na Juan Bautista sa Bagong Tipan. Ipinaliwanag ng anghel na siya ay kumikilos sa ilalim ng tagubilin nina Pedro, Santiago, at Juan, ang mga sinaunang Apostol, na may hawak ng mga susi ng nakatataas na pagkasaserdote, na tinatawag na Pagkasaserdoteng Melquisedec. Ang pangako ay ibinigay kina Joseph at Oliver na sa tamang panahon ang Pagkasaserdoteng Melquisedec ay ipagkakaloob sa kanila. (Tingnan sa bahagi 27:7, 8, 12.)*

*Ang mga susi at kapangyarihan ng Pagkasaserdoteng Aaron ay ipinaalam.*

SA inyo na aking kapwa tagapaglingkod, sa pangalan ng Mesiyas aking [a]iginagawad ang [b]Pagkasaserdoteng Aaron, na may hawak ng mga susi ng paglilingkod ng mga [c]anghel, at ng ebanghelyo ng [d]pagsisisi, at ng [e]pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan;

8*a* GBK Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba.
*b* GBK Pagmamahal.
*c* GBK Pananampalataya.
*d* GBK Pag-asa.
*e* GBK Pag-ibig sa Kapwa-tao.
**13** 1*a* JS—K 1:68–75. GBK Ordenan, Pag-oorden.
*b* D at T 27:8; 84:18–34. GBK Pagkasaserdoteng Aaron.
*c* GBK Anghel, Mga.
*d* GBK Magsisi, Pagsisisi.
*e* GBK Pagbibinyag, Binyagan.

at ito ay hindi na muling kukunin sa mundo, hanggang ang mga anak na lalaki ni [f]Levi ay mag-alay muli ng handog sa Panginoon sa [g]kabutihan.

## BAHAGI 14

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, kay David Whitmer, sa Fayette, New York, Hunyo 1829 (*History of the Church, *1:48–50). Ang mag-anak na Whitmer ay labis na naging interesado sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon. Ang Propeta ay nanirahan sa tahanan ni Peter Whitmer, Sr., kung saan siya namalagi hanggang ang gawain ng pagsasalin ay matapos at ang karapatang magpalathala sa lalabas na aklat ay natamo. Tatlong anak na lalaki ng mag-anak na Whitmer, bawat isa na nakatanggap ng patotoo sa katotohanan ng gawain, ay labis na nabahala sa bagay tungkol sa kani-kanilang mga gawain. Ang paghahayag na ito at ang dalawa pang sumunod (bahagi 15 at 16) ay ibinigay bilang kasagutan sa pagtatanong sa pamamagitan ng Urim at Tummim. Si David Whitmer, nang magtagal ay naging isa sa mga Tatlong Saksi sa Aklat ni Mormon.*

*1–6, Ang mga manggagawa sa ubasan ay magtatamo ng kaligtasan; 7–8, Ang buhay na walang hanggan ang pinakadakila sa mga kaloob ng Diyos; 9–11, Nilikha ni Cristo ang langit at ang lupa.*

ISANG dakila at [a]kagila-gilalas na gawain ang malapit nang maganap sa mga anak ng tao.
2 Masdan, ako ang Diyos; tumalima sa aking salita, na buhay at mabisa, mas matalas kaysa espadang may dalawang talim, sa paghahati ng mga kasu-kasuan at ng utak sa buto; samakatwid tumalima sa aking salita.
3 Masdan, ang bukid ay puti na upang anihin; samakatwid, sinuman ang may nais na gumapas humawak siya ng kanyang panggapas nang buo niyang lakas, at gumapas habang may araw pa, upang siya ay makapag-ipon ng walang hanggang kaligtasan para sa kanyang kaluluwa sa kaharian ng Diyos.
4 Oo, sinuman ang hahawak ng kanyang panggapas at maggagapas, siya rin ay tinawag ng Diyos.
5 Samakatwid, kung ikaw ay hihingi sa akin ay makatatanggap ka; kung ikaw ay kakatok ay pagbubuksan ka.
6 Hangaring ipahayag at itatag ang aking Sion. Sundin ang aking mga kautusan sa lahat ng bagay.

1*f* Tingnan ang ulat ni Oliver Cowdery sa pagpapanumbalik ng Pagkasaserdoteng Aaron sa hulihan ng Joseph Smith—Kasaysayan. Deut. 10:8; 1 Cron. 6:48; D at T 128:24.
*g* GBK Matwid, Katwiran.

**14** 1*a* Tingnan sa D at T 11:1–6 para sa mga katulad na sanggunian.

7 At, kung [a]susundin mo ang aking mga kautusan at [b]magtitiis hanggang wakas ikaw ay magkakaroon ng [c]buhay na walang hanggan, kung aling kaloob ay pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos.

8 At ito ay mangyayari, na kung hihiling ka sa Ama sa aking pangalan, nang may pananampalataya na naniniwala, mapapasaiyo ang [a]Espiritu Santo, na nagbibigay salita, upang ikaw ay makatayo bilang isang [b]saksi sa mga bagay na kapwa mo [c]maririnig at makikita, at upang ikaw rin ay makapagpahayag ng pagsisisi sa salinlahing ito.

9 Masdan, ako si [a]Jesucristo, ang [b]Anak ng [c]buhay na Diyos, na siyang [d]lumikha ng mga kalangitan at ng [e]lupa, isang [f]ilaw na hindi maikukubli sa [g]kadiliman;

10 Dahil dito, aking kailangang dalhin ang [a]kabuuan ng aking ebanghelyo mula sa mga [b]Gentil hanggang sa sambahayan ni Israel.

11 At masdan, ikaw si David, at ikaw ay tinawag upang tumulong; bagay na kung iyong gagawin, at kung ikaw ay magiging matapat, ikaw ay pagpapalain kapwa sa espirituwal at sa temporal, at dakila ang iyong magiging gantimpala. Amen.

## BAHAGI 15

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, kay John Whitmer, sa Fayette, New York, Hunyo 1829 (*History of the Church, *1:50). (Tingnan sa ulo ng bahagi 14.) Ang mensahe ay lubhang personal dahil sa sinasabi ng Panginoon ang tungkol sa yaong tanging siya lamang at si John Whitmer ang nakaaalam. Pagkatapos si John Whitmer ay naging isa sa Walong Saksi sa Aklat ni Mormon.*

*1–2, Ang bisig ng Panginoon ay nasa buong mundo; 3–6, Ang mangaral ng ebanghelyo at magligtas ng mga kaluluwa ang bagay na pinakamahalaga.*

1 MAKINIG, aking tagapaglingkod na John, at pakinggan ang mga salita ni Jesucristo, na iyong Panginoon at iyong Manunubos.

7*a* Lev. 26:3–12; Juan 15:10; Mos. 2:22, 41; D at T 58:2.
*b* GBK Makapagtiis.
*c* 2 Ne. 31:20; D at T 6:13. GBK Buhay na Walang Hanggan.
8*a* GBK Espiritu Santo.
*b* Mos. 18:8–10. GBK Saksi.
*c* Tingnan sa Ang Patotoo ng Tatlong Saksi sa mga unang pahina ng Aklat ni Mormon.
9*a* Mos. 4:2; D at T 76:20–24.
*b* Rom. 1:4.
*c* Dan. 6:26; Alma 7:6; D at T 20:19.
*d* Juan 1:1–3, 14; 3 Ne. 9:15; D at T 45:1. GBK Likha, Paglikha.
*e* Abr. 4:12, 24–25.
*f* 2 Sam. 22:29. GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo.
*g* GBK Kadiliman, Espirituwal na.
10*a* D at T 20:8–9; JS—K 1:34.
*b* GBK Gentil, Mga.

2 Sapagkat masdan, ako ay na-
ngungusap sa iyo nang mata-
lim at may [a]kapangyarihan, sa-
pagkat ang aking bisig ay nasa
buong mundo.
3 At aking sasabihin sa iyo
ang yaong walang sinuman ang
nakaaalam maliban sa akin at
sa iyo lamang—
4 Sapagkat maraming ulit mo
nang ninais sa akin na mala-
man kung alin ang magiging
pinakamahalaga para sa iyo.
5 Masdan, pinagpala ka dahil
sa bagay na ito, at sa pagpapa-
hayag ng aking mga salita na
aking ibinigay sa iyo alinsunod
sa aking mga kautusan.
6 At ngayon, masdan, sinasa-
bi ko sa iyo, na ang bagay na
magiging pinakamahalaga para
sa iyo ay [a]magpahayag ng pag-
sisisi sa mga taong ito, upang
ikaw ay makapagdala ng mga
kaluluwa sa akin, upang ikaw
ay [b]makapagpahinga kasama
nila sa [c]kaharian ng aking [d]Ama.
Amen.

## BAHAGI 16

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, kay Peter Whitmer, Jr., sa Fayette, New York, Hunyo 1829 (*History of the Church, *1:51). (Tingnan sa ulo ng bahagi 14.) Si Peter Whitmer, Jr., nang maglaon ay naging isa sa mga Walong Saksi sa Aklat ni Mormon.*

*1–2, Ang bisig ng Panginoon ay nasa buong mundo; 3–6, Ang mangaral ng ebanghelyo at magligtas ng mga kaluluwa ang bagay na pinakamahalaga.*

[a]MAKINIG, aking tagapag-
lingkod na Peter, at pa-
kinggan ang mga salita ni Jesu-
cristo, na iyong Panginoon at
iyong Manunubos.
2 Sapagkat masdan, ako ay na-
ngungusap sa iyo nang matalim
at may kapangyarihan, sapag-
kat ang aking bisig ay nasa bu-
ong mundo.
3 At aking sasabihin sa iyo
ang yaong walang sinuman ang
nakaaalam maliban sa akin at
sa iyo lamang—
4 Sapagkat maraming ulit mo
nang ninais sa akin na malaman
kung alin ang magiging pina-
kamahalaga para sa iyo.
5 Masdan, pinagpala ka da-
hil sa bagay na ito, at sa pag-
papahayag ng aking mga sa-
lita na aking ibinigay sa iyo
alinsunod sa aking mga kautu-
san.
6 At ngayon, masdan, sinasa-
bi ko sa iyo, na ang bagay na
magiging pinakamahalaga para
sa iyo ay magpahayag ng pag-
sisisi sa mga taong ito, upang
ikaw ay makapagdala ng mga

**15** 2*a* Hel. 3:29–30. GBK Kapangyarihan.
6*a* D at T 18:15–16. GBK Gawaing Pangmisyonero.
*b* GBK Kapahingahan.
*c* GBK Kaharian ng Diyos o Kaharian ng Langit.
*d* GBK Ama sa Langit.
**16** 1*a* Tingnan sa D at T 15:1–6 para sa mga katulad na sanggunian.

kaluluwa sa akin, upang ikaw ay makapagpahinga kasama nila sa kaharian ng aking Ama. Amen.

## BAHAGI 17

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, kina Oliver Cowdery, David Whitmer, at Martin Harris, sa Fayette, New York, Hunyo 1829, bago nila nakita ang mga laminang naukitan na naglalaman ng tala ng Aklat ni Mormon (*History of the Church, *1:52–57). Si Joseph at ang kanyang tagasulat, si Oliver Cowdery, ay nakaalam mula sa pagsasalin ng mga lamina ng Aklat ni Mormon na tatlong natatanging saksi ang tutukuyin (tingnan sa Eter 5:2–4; 2 Nephi 11:3; 27:12). Sina Oliver Cowdery, David Whitmer, at Martin Harris ay nabunsuran ng isang makapukaw na pagnanais na maging tatlong natatanging saksi. Ang Propeta ay nagtanong sa Panginoon, at ang paghahayag na ito ay ibinigay bilang kasagutan sa pamamagitan ng Urim at Tummim.*

*1–4, Sa pamamagitan ng pananampalataya makikita ng Tatlong Saksi ang mga lamina at ang iba pang mga banal na bagay; 5–9, Si Cristo ay nagpapatotoo sa katotohanan ng Aklat ni Mormon.*

MASDAN, sinasabi ko sa inyo, na kailangan ninyong magtiwala sa aking salita, na kung inyong gagawin nang may buong layunin ng puso, [a]makikita ninyo ang mga [b]lamina, at gayon din ang baluti sa dibdib, ang [c]espada ni Laban, ang [d]Urim at Tummim, na mga ibinigay sa [e]kapatid ni Jared sa bundok, nang siya ay makipag-usap sa Panginoon nang [f]harapan, at ang [g]mapaghimalang tagaturong ibinigay kay Lehi habang nasa ilang, sa may mga hangganan ng [h]Dagat na Pula.
2 At iyon ay sa pamamagitan ng inyong pananampalataya na makikita ninyo ang mga ito, maging sa pananampalatayang yaon na taglay ng mga sinaunang propeta.
3 At pagkatapos na inyong matamo ang pananampalataya, at nakita ang mga ito ng inyong mga mata, kayo ay [a]magpapatotoo sa mga ito, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos;
4 At ito ay inyong gagawin upang ang aking tagapaglingkod na si Joseph Smith, Jun., ay hindi mapinsala, upang aking maisakatuparan ang aking ma-

**17** 1*a* 2 Ne. 27:12; Eter 5:2–4; D at T 5:15. Tingnan din sa Ang Patotoo ng Tatlong Saksi sa mga unang pahina ng Aklat ni Mormon.
*b* Morm. 6:6; JS—K 1:52. GBK Lamina, Mga.
*c* 1 Ne. 4:8–9; 2 Ne. 5:14; Jac. 1:10; Mos. 1:16.
*d* GBK Urim at Tummim.
*e* Eter 3:1–28.
*f* Gen. 32:30; Ex. 33:11; Moi. 1:2.
*g* 1 Ne. 16:10, 16, 26–29; Alma 37:38–47.
*h* 1 Ne. 2:5.
3*a* GBK Magpatotoo; Saksi.

bubuting layunin sa mga anak
ng tao sa gawaing ito.
5 At inyong patototohanan na
nakita ninyo ang mga ito, gaya
ng aking tagapaglingkod na si
Joseph Smith, Jun., ay nakita
ang mga ito; sapagkat sa pama-
magitan ng aking kapangyari-
han niya nakita ang mga ito, at
ito ay dahil sa siya ay may pa-
nanampalataya.
6 At naisalin niya ang [a]aklat,
maging yaong [b]bahagi na aking
iniutos sa kanya, at yayamang
ang inyong Panginoon at inyong
Diyos ay buhay ito ay totoo.
7 Dahil dito, natanggap ninyo
ang gayon ding kapangyarihan,
at ang gayon ding pananampa-
lataya, at ang gayon ding kaloob
katulad ng sa kanya;
8 At kung gagawin ninyo ang
mga huling kautusan kong ito,
na aking ibinigay sa inyo, ang
mga [a]pintuan ng impiyerno ay
hindi mananaig laban sa inyo;
sapagkat ang aking [b]biyaya ay
sapat para sa inyo, at kayo ay
[c]dadakilain sa huling araw.
9 At ako, si Jesucristo, ang
inyong [a]Panginoon at inyong
Diyos, ang nangusap nito sa
inyo, upang aking maisakatu-
paran ang aking mabubuting
layunin sa mga anak ng tao.
Amen.

## BAHAGI 18

*Paghahayag kina Joseph Smith, ang Propeta, Oliver Cowdery, at David Whitmer, na ibinigay sa Fayette, New York, Hunyo 1829 (*History of the Church, *1:60–64). Nang ang Pagkasaserdoteng Aaron ay iginawad, ang pagkakaloob ng Pagkasaserdoteng Melquisedec ay ipinangako (tingnan ang ulo sa bahagi 13). Bilang kasagutan sa panalangin na magkaroon ng kaalaman sa mga ito, ibinigay ng Panginoon ang paghahayag na ito.*

*1–5, Ang mga banal na kasulatan ay nagpapakita kung paano itatatag ang Simbahan; 6–8, Ang sanlibutan ay nahihinog na sa kasamaan; 9–16, Ang kahalagahan ng mga kaluluwa ay dakila; 17–25, Upang matamo ang kaligtasan, kailangang taglayin ng mga tao sa kanilang sarili ang pangalan ni Cristo; 26–36, Ang tungkulin at ang misyon ng Labindalawa ay ipinahayag; 37–39, Sina Oliver Cowdery at David Whitmer ang maghahanap sa Labindalawa; 40–47, Upang matamo ang kaligtasan, ang mga tao ay kailangang magsisi, mabinyagan, at sundin ang mga kautusan.*

NGAYON, masdan, dahil sa
bagay na iyong hinangad
na malaman sa akin, aking
tagapaglingkod na si Oliver
Cowdery, ibinibigay ko sa iyo
ang mga salitang ito:

6*a* GBK Aklat ni Mormon.
*b* 2 Ne. 27:22; 3 Ne. 26:7–10.
8*a* Mat. 16:18; 3 Ne. 11:39; D at T 10:69.
*b* GBK Biyaya.
*c* 1 Ne. 13:37; 3 Ne. 27:14–15, 22; D at T 9:14.
9*a* GBK Panginoon.

2 Masdan, ipinaalam ko sa iyo, sa pamamagitan ng aking Espiritu sa maraming pagkakataon, na ang mga bagay na iyong isinulat ay [a]totoo; dahil dito alam mo na ang mga ito ay totoo.
3 At kung alam mo na ang mga ito ay totoo, masdan, binibigyan kita ng isang kautusan, na ikaw ay manalig sa mga bagay na [a]nakasulat;
4 Sapagkat sa mga ito nakasulat ang lahat ng bagay hinggil sa pagtatatag ng aking simbahan, ng aking [a]ebanghelyo, at ng aking [b]bato.
5 Dahil dito, kung iyong itatayo ang aking simbahan, sa saligan ng aking ebanghelyo at aking bato, ang mga pintuan ng impiyerno ay hindi mananaig laban sa iyo.
6 Masdan, ang [a]sanlibutan ay nahihinog na sa kasamaan; at talagang kinakailangan na ang mga anak ng tao ay mapukaw tungo sa pagsisisi, kapwa ang mga [b]Gentil at gayon din ang sambahayan ni Israel.
7 Dahil dito, yayamang ikaw ay [a]nabinyagan sa pamamagitan ng mga kamay ng aking tagapaglingkod na si Joseph Smith, Jun., alinsunod sa yaong aking ipinag-utos sa kanya, kanyang tinupad ang bagay na aking iniutos sa kanya.
8 At ngayon, huwag manggilalas na tinawag ko siya ayon sa sarili kong layunin, na kung aling layunin ay nalalaman ko; dahil dito, kung siya ay magiging [a]masigasig sa [b]pagsunod sa aking mga kautusan siya ay [c]pagpapalain tungo sa buhay na walang hanggan; at ang kanyang pangalan ay [d]Joseph.
9 At ngayon, Oliver Cowdery, sinasabi ko sa iyo, at gayon din kay David Whitmer, bilang kautusan; sapagkat, masdan, iniuutos ko sa lahat ng tao sa lahat ng dako na magsisi, at sinasabi ko sa inyo, maging katulad kay Pablo na aking [a]apostol, sapagkat kayo ay tinawag maging sa gayon ding tungkulin kung saan siya tinawag.
10 Tandaan na ang [a]kahalagahan ng mga [b]kaluluwa ay dakila sa paningin ng Diyos;
11 Sapagkat, masdan, ang Panginoon na inyong [a]Manunubos ay nakaranas ng [b]kamatayan sa laman; dahil dito kanyang [c]tiniis ang mga [d]pasakit ng lahat ng tao, upang ang lahat ng tao ay magsisi at lumapit sa kanya.

**18** 2*a* D at T 6:15–17.
3*a* D at T 98:11. GBK Banal na Kasulatan, Mga—Kahalagahan ng mga banal na kasulatan.
4*a* GBK Ebanghelyo.
*b* GBK Bato.
6*a* GBK Daigdig.
*b* GBK Gentil, Mga.
7*a* JS—K 1:70–71.
8*a* GBK Kasigasigan.
*b* GBK Pagsunod, Masunurin, Sumunod.
*c* GBK Pagpapala, Pagpapalain, Pinagpala.
*d* 2 Ne. 3:14–15. GBK Smith, Joseph, Jr.
9*a* Rom. 1:1.
10*a* GBK Kaluluwa—Kahalagahan ng mga kaluluwa.
*b* GBK Kaluluwa.
11*a* GBK Manunubos.
*b* GBK Pagpapako sa Krus.
*c* GBK Tubos, Tinubos, Pagtubos.
*d* Is. 53:4–5. GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala.

12 At siya ay [a]nabuhay na muli mula sa patay, upang kanyang madala ang lahat ng tao sa kanya, kung sila ay [b]magsisisi.
13 At anong laki ng kanyang [a]kagalakan sa kaluluwang nagsisisi!
14 Dahil dito, kayo ay tinawag upang [a]ipangaral ang pagsisisi sa mga taong ito.
15 At kung mangyayaring kayo ay gagawa nang buo ninyong panahon sa pangangaral ng pagsisisi sa mga taong ito, at magdala, kahit isang [a]kaluluwa sa akin, anong laki ng inyong kagalakang kasama niya sa kaharian ng aking Ama!
16 At ngayon, kung ang inyong kagalakan ay magiging malaki sa isang kaluluwa na inyong nadala sa akin sa [a]kaharian ng aking Ama, anong laki ng inyong [b]kagalakan kung [c]makapagdadala kayo ng maraming kaluluwa sa akin!
17 Masdan, nasa inyo ang aking ebanghelyo, at ang aking bato, at ang aking [a]pagliligtas.
18 [a]Humingi sa Ama sa aking [b]pangalan, nang may pananampalataya na naniniwalang kayo ay makatatanggap, at mapapasainyo ang Espiritu Santo, na nagpapahayag ng lahat ng bagay na [c]kinakailangan ng mga anak ng tao.
19 At kung wala kayong [a]pananampalataya, [b]pag-asa, at [c]pag-ibig sa kapwa-tao, wala kayong magagawa ni anuman.
20 Huwag [a]makipagtalo laban sa anumang [b]simbahan, maliban sa simbahan ng diyablo.
21 Taglayin sa inyo ang [a]pangalan ni Cristo, at [b]sabihin ang katotohanan nang may [c]kahinahunan.
22 At kasindami ng magsisisi at [a]mabibinyagan sa aking pangalan, na Jesucristo, at [b]magtitiis hanggang wakas, sila rin ay maliligtas.
23 Masdan, Jesucristo ang [a]pangalang ibinigay ng Ama, at wala nang iba pang pangalan na ibinigay kung saan ang tao ay maliligtas;
24 Dahil dito, lahat ng tao ay kailangang taglayin sa kanilang sarili ang pangalang ibinigay ng Ama, sapagkat sa gayong pangalan sila tatawagin sa huling araw;

12*a* GBK Pagkabuhay na Mag-uli.
*b* D at T 19:4–18. GBK Magsisisi, Pagsisisi.
13*a* Lu. 15:7.
14*a* Alma 29:1–2; D at T 34:5–6; 63:57.
15*a* GBK Kaluluwa—Kahalagahan ng mga kaluluwa.
16*a* GBK Kaharian ng Diyos o Kaharian ng Langit.
*b* Alma 26:11. GBK Kagalakan.
*c* GBK Gawaing Pangmisyonero.
17*a* GBK Kaligtasan.
18*a* GBK Panalangin.
*b* Juan 15:16.
*c* D at T 88:63–65.
19*a* GBK Pananampalataya.
*b* GBK Pag-asa.
*c* GBK Pag-ibig sa Kapwa-tao.
20*a* 2 Tim. 2:23–24; 3 Ne. 11:29–30.
*b* GBK Diyablo—Ang simbahan ng diyablo.
21*a* 2 Ne. 31:13; Mos. 5:8; 3 Ne. 27:5; D at T 20:37.
*b* D at T 100:5–8.
*c* Rom. 12:3.
22*a* GBK Pagbibinyag, Binyagan.
*b* GBK Makapagtiis.
23*a* Mal. 1:11; Gawa 4:12; Mos. 3:17; Hel. 3:28–29.

25 Dahil dito, kung hindi nila alam ang [a]pangalan na itatawag sa kanila, hindi sila magkakaroon ng puwang sa [b]kaharian ng aking Ama.
26 At ngayon, masdan, may iba pang tinawag upang ipahayag ang aking ebanghelyo, kapwa sa [a]Gentil at sa Judio;
27 Oo, maging labindalawa; at ang [a]Labindalawa ang aking magiging mga disipulo, at kanilang tataglayin sa kanilang sarili ang aking pangalan; at ang Labindalawa ay silang magnanais na taglayin sa kanilang sarili ang aking [b]pangalan nang may buong layunin ng puso.
28 At kung nanaisin nilang taglayin sa kanilang sarili ang aking pangalan nang may buong layunin ng puso, sila ay tinatawag na humayo sa buong [a]daigdig upang ipangaral ang aking [b]ebanghelyo sa [c]bawat nilikha.
29 At sila ay yaong mga inorden ko upang [a]magbinyag sa aking pangalan, alinsunod sa yaong nakasulat;
30 At kayo ay mayroon ng yaong nasusulat; dahil dito, kailangan ninyong isagawa ito alinsunod sa mga salitang nakasulat.
31 At ngayon sinasabi ko sa inyo, na [a]Labindalawa—Masdan, ang aking biyaya ay sapat para sa inyo; kailangan ninyong lumakad nang matwid sa harapan ko at huwag magkasala.
32 At, masdan, kayo yaong inorden ko upang mag-[a]orden ng mga saserdote at guro; na magpahayag ng aking ebanghelyo, [b]alinsunod sa kapangyarihan ng Espiritu Santo na nasa inyo, at alinsunod sa mga [c]katungkulan at kaloob ng Diyos sa mga tao;
33 At ako, si Jesucristo, na inyong Panginoon at inyong Diyos, ang nagsabi nito.
34 Ang mga [a]salitang ito ay hindi mula sa mga tao ni galing sa tao, kundi mula sa akin; dahil dito, kayo ay magpapatotoo na ang mga ito ay mula sa akin at hindi mula sa tao;
35 Sapagkat ang aking [a]tinig ang nangusap ng mga ito sa inyo; sapagkat ang mga ito ay ibinigay sa pamamagitan ng aking Espiritu sa inyo, at sa pamamagitan ng aking kapangyarihan ay maaari ninyong basahin ang mga ito sa isa't isa; at maliban sa aking kapangyarihan hindi ninyo matatanggap ang mga ito;
36 Dahil dito, maaari ninyong [a]patotohanan na narinig ninyo ang aking tinig, at nababatid ang aking mga salita.

25*a* Mos. 5:9–14.
*b* GBK Kaluwalhatiang Selestiyal.
26*a* D at T 90:8–9; 112:4.
27*a* GBK Apostol.
*b* D at T 27:12.
28*a* Mar. 16:15–16.
*b* GBK Ebanghelyo.
*c* D at T 1:2; 42:58.
29*a* 3 Ne. 11:21–28; D at T 20:72–74.
31*a* D at T 107:23–35.
32*a* Moro. 3:1–4; D at T 20:60; 107:58. GBK Ordenan, Pag-oorden.
*b* 2 Ped. 1:21; D at T 68:3–4.
*c* D at T 20:27.
34*a* GBK Banal na Kasulatan, Mga.
35*a* D at T 1:38. GBK Tinig.
36*a* GBK Magpatotoo.

37 At ngayon, masdan, ibinibigay ko sa iyo, Oliver Cowdery, at sa iyo rin David Whitmer, na hanapin ninyo ang Labindalawa, na may pagnanais sa mga yaong aking sinabi;
38 At sa pamamagitan ng kanilang mga naisin at ng kanilang mga [a]gawa ay makikilala ninyo sila.
39 At kapag natagpuan ninyo sila ay ipakikita ninyo ang mga bagay na ito sa kanila.
40 At kayo ay titirapa at [a]sasambahin ang Ama sa aking pangalan.
41 At kailangan ninyong mangaral sa sanlibutan, nagsasabing: Kailangan ninyong magsisi at magpabinyag, sa pangalan ni Jesucristo;
42 Sapagkat lahat ng tao ay kailangang magsisi at magpabinyag, at hindi lamang mga kalalakihan, kundi kababaihan, at mga bata na sumapit na sa gulang ng [a]pananagutan.
43 At ngayon, pagkaraan ninyong matanggap ito, kailangan ninyong sundin ang aking mga [a]kautusan sa lahat ng bagay;
44 At sa pamamagitan ng inyong mga kamay ako ay gagawa ng isang [a]kagila-gilalas na gawain sa mga anak ng tao, sa [b]ikamumulat ng marami sa kanilang mga kasalanan, upang sila ay magsipagsisi, at upang sila ay makaparoon sa kaharian ng aking Ama.
45 Dahil dito, ang mga pagpapalang ibinigay ko sa inyo ay [a]higit pa sa lahat ng bagay.
46 At pagkaraan ninyong matanggap ito, kung hindi ninyo [a]susundin ang aking mga kautusan ay hindi kayo maliligtas sa kaharian ng aking Ama.
47 Masdan, ako, si Jesucristo, ang inyong Panginoon at inyong Diyos, at inyong Manunubos, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng aking Espiritu sinabi ko ito. Amen.

## BAHAGI 19

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, sa Manchester, New York, Marso 1830 (*History of the Church, *1:72–74). Sa kanyang kasaysayan, isinaad ito ng Propeta bilang "isang kautusan ng Diyos at hindi ng tao, kay Martin Harris, na ibinigay niya na Walang Hanggan" (*History of the Church, *1:72).*

*1–3, Si Cristo ang may taglay ng lahat ng kapangyarihan; 4–5, Lahat ng tao ay kinakailangang magsisi o magdusa; 6–12, Ang walang hanggang kaparusahan ay kaparusahan ng Diyos; 13–20, Si Cristo ay nagdusa para sa lahat, upang sila ay hindi na magdusa kung sila*

38*a* GBK Gawa, Mga.
40*a* GBK Pagsamba.
42*a* D at T 20:71; 29:47; 68:27. GBK Mananagot, Pananagutan, May Pananagutan.
43*a* GBK Kautusan ng Diyos, Mga.
44*a* Is. 29:14; D at T 4:1.
*b* Alma 36:12–19; 62:45.
45*a* D at T 84:35–38.
46*a* D at T 82:3.

*ay magsisisi; 21–28, Ipangaral ang ebanghelyo ng pagsisisi; 29–41, Ipahayag ang masayang balita.*

AKO ang [a]Alpha at Omega, si
[b]Cristo ang Panginoon; oo,
maging ako ay siya, ang simula
at ang wakas, ang Manunubos
ng sanlibutan.
2 Ako, pagkaraang maisagawa
at [a]matapos ang kalooban niya
na kung kanino ay ako, maging
ang Ama, hinggil sa akin—na
isinagawa ito upang aking [b]ma-
pasuko ang lahat ng bagay sa
aking sarili—
3 Pinanatili ang lahat ng [a]ka-
pangyarihan, maging sa [b]pagka-
lupig ni Satanas at ng kanyang
mga gawain sa [c]katapusan ng
daigdig, at ang huling dakilang
araw ng paghuhukom, na aking
papapangyarihing maganap sa
lahat ng naninirahan dito, [d]ha-
hatulan ang bawat tao alinsu-
nod sa kanyang mga [e]gawa at
sa mga gawain na kanyang gi-
nawa.
4 At tiyak na ang bawat tao ay
kinakailangang [a]magsisi o [b]mag-
dusa, sapagkat ako, ang Diyos,
ay [c]walang katapusan.
5 Dahil dito, hindi ko [a]baba-
wiin ang paghuhukom na aking
igagawad, kundi ang mga ka-
pighatian ay mangyayari, pag-
tangis, [b]panaghoy at pagnga-
ngalit ng mga ngipin, oo, sa mga
yaong matatagpuan sa aking
[c]kaliwang kamay.
6 Gayon man, [a]hindi nasusulat
na wala nang katapusan sa pag-
durusang ito, kundi nasusulat
na [b]*walang katapusang pagdu-
rusa.*
7 Muli, nasusulat na [a]*walang
hanggang kapahamakan;* dahil
dito ito ay higit na maliwanag
kaysa ibang mga banal na ka-
sulatan, nang ito ay makaantig
sa mga puso ng mga anak ng
tao, sa kabuuan para sa ikalu-
luwalhati ng aking pangalan.
8 Dahil dito, aking ipaliliwa-
nag sa iyo ang hiwagang ito,
sapagkat ito ay dapat mong ma-
laman maging tulad ng aking
mga apostol.
9 Ako ay nangungusap sa inyo
na mga pinili ko sa bagay na
ito, maging iisa, upang kayo ay
makapasok sa aking [a]kapahi-
ngahan.
10 Sapagkat, masdan, ang [a]hi-
waga ng kabanalan, kay dakila
nito! Sapagkat, masdan, ako ay
walang katapusan, at ang ka-
parusahang ibinigay mula sa
aking kamay ay walang kata-
pusang kaparusahan, sapagkat

**19** 1*a* Apoc. 1:8, 11; 3 Ne. 9:18; D at T 35:1; 61:1. GBK Alpha at Omega.
*b* GBK Jesucristo.
2*a* Juan 17:4; 3 Ne. 11:11.
*b* Fil. 3:21.
3*a* GBK Kapangyarihan.
*b* Is. 14:12–17; 1 Juan 3:8; 1 Ne. 22:26; D at T 88:111–115.
*c* GBK Daigdig—Katapusan ng daigdig.
*d* GBK Paghuhukom, Ang Huling.
*e* GBK Gawa, Mga.
4*a* GBK Magsisi, Pagsisisi.
*b* Lu. 13:3; Hel. 14:19.
*c* Moi. 1:3.
5*a* D at T 56:4; 58:32.
*b* Mat. 13:42.
*c* Mat. 25:41–43.
6*a* D at T 76:105–106; 138:59.
*b* D at T 76:33, 44–45.
7*a* Hel. 12:25–26; D at T 29:44.
9*a* GBK Kapahingahan.
10*a* Jac. 4:8; D at T 76:114–116.

[b]Walang Katapusan ang aking
pangalan. Dahil dito—
11 [a]Walang hanggang kaparu-
sahan ay kaparusahan ng Diyos.
12 Walang katapusang kaparu-
sahan ay kaparusahan ng Diyos.
13 Dahil dito, iniuutos ko sa
iyong magsisi, at sumunod sa
mga [a]kautusang iyong tinang-
gap sa kamay ng aking taga-
paglingkod na si Joseph Smith,
Jun., sa aking pangalan;
14 At sa pamamagitan ng aking
pinakamakapangyarihang lakas
na iyong natanggap ang mga
yaon;
15 Kaya nga iniuutos ko sa
iyong magsisi—magsisi, upang
hindi kita masaktan ng pamalo
ng aking bibig, at ng aking poot,
at ng aking galit, at ang iyong
mga [a]pagdurusa ay maging ma-
sakit—kung gaano kasakit ay
hindi mo nalalaman, kung ga-
ano kasidhi ay hindi mo nalala-
man, oo, kung gaano kahirap
dalhin ay hindi mo nalalaman.
16 Sapagkat masdan, ako, ang
Diyos, ay [a]pinagdusahan ang
mga bagay na ito para sa lahat,
upang hindi sila [b]magdusa kung
sila ay [c]magsisisi;
17 Subalit kung hindi sila mag-
sisisi sila ay kinakailangang
[a]magdusa na katulad ko;
18 Kung aling pagdurusa ay
dahilan upang ang aking sarili,
maging ang Diyos, ang pinaka-
makapangyarihan sa lahat, na
manginig dahil sa sakit, at la-
basan ng dugo sa bawat pina-
kamaliit na butas ng balat, at
magdusa kapwa sa katawan at
sa espiritu—nagnais na kung
maaari ay [a]hindi ko lagukin ang
mapait na saro at manliit—
19 Gayon pa man, ang kalu-
walhatian ay mapasa Ama, at
ininom ko at [a]tinapos ang aking
paghahanda para sa mga anak
ng tao.
20 Dahil dito, iniuutos kong
muli sa iyo na magsisi, upang
hindi kita pagpakumbabain sa
pamamagitan ng aking pina-
kamakapangyarihang lakas; at
iyong [a]ipagtapat ang iyong mga
kasalanan, kung hindi ay dara-
nasin mo ang mga kaparusa-
hang aking sinabi, na yaong
pinakamaliit, oo, maging sa ka-
liit-liitang antas na iyong natik-
man sa panahong inalis ko ang
aking Espiritu.
21 At iniuutos ko sa iyo na hu-
wag [a]mangaral ng anuman ma-
liban sa pagsisisi, at [b]huwag ipa-
kita ang mga bagay na ito sa
sanlibutan hanggang sa ito ay
karunungan sa akin.
22 Sapagkat hindi nila [a]maka-
kaya ang karne sa ngayon, kun-

10*b* Moi. 1:3; 7:35. GBK Walang Katapusan.
11*a* Mat. 25:46.
13*a* D at T 5:2; 10:6–7; 17:1–9.
15*a* Alma 36:11–19.
16*a* Alma 11:40–41. GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala.
*b* GBK Awa, Maawain.
*c* GBK Kapatawaran ng mga Kasalanan.
17*a* D at T 29:17.
18*a* Lu. 22:42–44.
19*a* Juan 17:4; 19:30.
20*a* Blg. 5:6–7; Mos. 26:29; D at T 58:43; 64:7. GBK Pagtatapat, Magtapat.
21*a* D at T 11:9.
*b* JS—K 1:42.
22*a* D at T 78:17–18.

di [b]gatas ang kanilang kaila-
ngang matanggap; dahil dito,
hindi nila kailangang malaman
ang mga bagay na ito, upang
hindi sila masawi.
23 Matuto ka sa akin, at maki-
nig sa aking mga salita; [a]luma-
kad sa [b]kaamuan ng aking Espi-
ritu, at ikaw ay magkakaroon ng
[c]kapayapaan sa akin.
24 Ako si [a]Jesucristo; ako ay na-
parito sa kalooban ng Ama, at
aking ginagawa ang kanyang
kalooban.
25 At muli, iniuutos ko sa iyo
na huwag kang [a]magnasa sa
[b]asawa ng iyong kapwa; ni hu-
wag mong hangarin ang buhay
ng iyong kapwa.
26 At muli, iniuutos ko sa iyo
na huwag kang mag-imbot sa
sarili mong ari-arian, kundi ma-
laya itong ibahagi sa pagpapa-
limbag ng Aklat ni Mormon, na
naglalaman ng [a]katotohanan at
ng salita ng Diyos—
27 Na aking salita sa [a]Gentil, na
sa madaling panahon ay mapa-
pasa [b]Judio, na kung kanino ang
mga Lamanita ay [c]labi, upang
kanilang paniwalaan ang ebang-
helyo, at huwag nang maghin-
tay sa pagparito ng isang [d]Mesi-
yas na pumarito na.
28 At muli, iniuutos ko sa iyo
na ikaw ay [a]manalangin nang
[b]malakas gayon din sa iyong
puso; oo, sa harapan ng san-
libutan gayon din nang pali-
him, sa madla gayon din sa
sarili.
29 At iyong [a]ipahahayag ang
masayang balita, oo, ipahayag
ito sa mga bundok, at sa bawat
matataas na lugar, at sa bawat
tao na pahihintulutan kang ma-
kita.
30 At ito ay gagawin mo nang
may buong kababaang-loob,
[a]nagtitiwala sa akin, hindi nan-
lalait laban sa yaong mga man-
lalait.
31 At ang mga [a]doktrina ay
hindi mo tatalakayin, kundi
iyong ipahahayag ang pagsisi-
si at [b]pananampalataya sa Ta-
gapagligtas, at [c]kapatawaran ng
mga kasalanan sa pamamagitan
ng [d]pagbibinyag, at sa pamama-
gitan ng [e]apoy, oo, maging ng
[f]Espiritu Santo.
32 Masdan, ito ang dakila at
huling [a]kautusan na aking ibi-
bigay sa iyo hinggil sa bagay
na ito; sapagkat ito ay sapat na
para sa iyong pang-araw-araw
na buhay, maging hanggang sa
katapusan ng iyong buhay.
33 At kalungkutan ang iyong
matatamo kung iyong pawawa-

22*b* Heb. 5:11–14; D at T 50:40.
23*a* Moro. 7:3–4.
*b* GBK Maamo, Kaamuan.
*c* GBK Kapayapaan.
24*a* GBK Jesucristo.
25*a* GBK Imbot.
*b* Ex. 20:17; 1 Cor. 7:2–4. GBK Pakikiapid.
26*a* GBK Katotohanan.
27*a* GBK Gentil, Mga.
*b* GBK Judio, Mga.
*c* Omni 1:14–19; Mos. 25:2–4; Hel. 8:21; 3 Ne. 2:12–16.
*d* GBK Mesiyas.
28*a* 1 Tim. 2:8. GBK Panalangin.
*b* D at T 20:47, 51; 23:6.
29*a* GBK Gawaing Pangmisyonero.
30*a* GBK Pagtitiwala.
31*a* 2 Tim. 2:23–24.
*b* GBK Pananampalataya.
*c* GBK Kapatawaran ng mga Kasalanan.
*d* GBK Pagbibinyag, Binyagan.
*e* Mat. 3:11.
*f* GBK Kaloob na Espiritu Santo.
32*a* D at T 58:26–29.

lang-halaga ang mga [a]payong ito, oo, maging ang pagkawasak ng iyong sarili at ari-arian.
34 [a]Ibahagi ang kapiraso ng iyong ari-arian, oo, maging bahagi ng iyong mga lupain, at lahat maliban ang pantustos sa iyong mag-anak.
35 Bayaran ang [a]utang na iyong [b]pinagkasundo sa manlilimbag. Palayain ang iyong sarili sa [c]pagkakautang.
36 [a]Lisanin ang iyong bahay at tahanan, maliban na lamang kung nanaisin mong makita ang iyong mag-anak;
37 At malayang [a]makipag-usap sa lahat; oo, mangaral, manghikayat, ipahayag ang [b]katotohanan, maging sa malakas na tinig, nang may tinig ng kagalakan, isinisigaw ang—Hosana, hosana, purihin ang pangalan ng Panginoong Diyos!
38 [a]Manalangin tuwina, at aking [b]ibubuhos ang aking Espiritu sa iyo, at malaki ang iyong magiging pagpapala—oo, maging mas higit pa sa kung iyong matatamo ang mga kayamanan ng mundo at kabulukan na katumbas ng mga ito.
39 Masdan, mababasa mo ba ang mga ito nang hindi nagagalak at nag-uumapaw sa iyong puso ang kasiyahan?
40 O makatatakbo ka ba nang mas malayo bilang isang bulag na taga-akay?
41 O [a]magpapakumbaba ka ba at magpapakaamo, at kikilos ka nang marapat sa harapan ko? Oo, [b]lumapit ka sa akin na iyong Tagapagligtas. Amen.

## BAHAGI 20

*Paghahayag hinggil sa samahan at pamahalaan ng Simbahan, ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, Abril 1830 (*History of the Church, *1:64–70). Nauna sa kanyang tala sa paghahayag na ito ay isinulat ng Propeta, "Aming natanggap mula sa Kanya [Jesucristo] ang sumusunod, sa pamamagitan ng diwa ng propesiya at paghahayag; na hindi lamang nagbigay sa amin ng maraming kaalaman, kundi sinabi rin sa amin ang tiyak na araw kung kailan, alinsunod sa Kanyang kalooban at kautusan, nararapat naming itatag muli ang Kanyang Simbahan dito sa ibabaw ng mundo" (*History of the Church, *1:64).*

*1–16, Ang Aklat ni Mormon ay nagpapatunay ng kabanalan ng gawain sa huling araw; 17–28, Ang mga doktrina ng paglikha, pagkahulog, pagbabayad-sala, at pagbibinyag ay pinagtibay; 29–37, Mga*

33*a* GBK Kautusan ng Diyos, Mga.
34*a* Gawa 4:34–35.
35*a* GBK Utang.
*b* IE magbayad para sa paglathala ng unang edisyon ng Aklat ni Mormon.
*c* Kaw. 22:7.
36*a* Mat. 19:29.
37*a* D at T 58:47; 68:8; 71:7.
*b* D at T 75:4.
38*a* Lu. 18:1; 2 Ne. 32:9; D at T 10:5.
*b* Kaw. 1:23; Gawa 2:17.
41*a* GBK Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba.
*b* Mat. 11:28–30.

*batas na namamahala sa pagsisisi, pagbibigay-katarungan, pagpapabanal, at pagbibinyag ay ibinigay; 38–67, Mga tungkulin ng mga elder, saserdote, guro, at diyakono ay maikling isinalarawan; 68–74, Mga tungkulin ng mga kasapi, pagbabasbas sa mga bata, at pamamaraan ng pagbibinyag ay ipinahayag; 75–84, Ang mga panalangin sa sakramento at mga patakarang namamahala sa pagkakasapi sa Simbahan ay ibinigay.*

ANG [a]pagsikat ng [b]Simbahan ni Cristo sa mga huling araw na ito, na isanlibo walong daan at tatlumpung taon mula noong pumarito ang ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo, at ito ay [c]binuo nang wasto at itinatag sang-ayon sa mga batas ng ating bansa, sa pamamagitan ng kalooban at mga kautusan ng Diyos, sa ikaapat na buwan, at sa ikaanim na araw ng buwang tinatawag na Abril—
2 Na kung aling mga kautusan ay ibinigay kay Joseph Smith, Jun., na [a]tinawag ng Diyos, at inordenang [b]apostol ni Jesucristo, na maging unang [c]elder ng simbahang ito;
3 At kay Oliver Cowdery, na tinawag din ng Diyos, na isang apostol ni Jesucristo, na maging pangalawang elder ng simbahang ito, at inordenan ng kanyang kamay;
4 At ito ay alinsunod sa biyaya ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo, sumasakanya ang lahat ng kaluwalhatian, ngayon at magpakailanman. Amen.
5 Pagkatapos na tunay na maipahayag sa unang elder na ito na siya ay nakatanggap ng kapatawaran ng kanyang mga kasalanan, siya ay [a]nasangkot muli sa mga walang kabuluhang bagay ng daigdig;
6 Subalit pagkatapos magsisi, at taos-pusong magpakumbaba ng kanyang sarili, sa pamamagitan ng pananampalataya, ang Diyos ay naglingkod sa kanya sa pamamagitan ng isang banal na [a]anghel, na ang [b]kaanyuan ay katulad ng isang kidlat, at ang kasuotan ay malinis at maputi kaysa sa lahat ng iba pang kaputian;
7 At nagbigay sa kanya ng mga kautusan na pumukaw sa kanya;
8 At nagbigay sa kanya ng kapangyarihan mula sa kaitaasan, sa pamamagitan ng mga [a]pamamaraan na inihanda noong una, upang maisalin ang Aklat ni Mormon;
9 Na naglalaman ng mga tala ng mga taong nahulog, at ng [a]kabuuan ng [b]ebanghelyo ni

**20** 1*a* JS—K 1:2.
*b* 3 Ne. 27:1–8. GBK Simbahan, Pangalan ng; Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Ang.
*c* D at T 21:3.
2*a* GBK Karapatan; Tawag, Tinawag ng Diyos, Pagkakatawag.
*b* GBK Apostol.
*c* GBK Elder.
5*a* JS—K 1:28–29.
6*a* JS—K 1:30–35. GBK Anghel, Mga.
*b* Mat. 28:2–3.
8*a* GBK Urim at Tummim.
9*a* JS—K 1:34.
*b* GBK Ebanghelyo.

Jesucristo sa mga Gentil at gayon din sa mga Judio;
10 Na ibinigay sa pamamagitan ng inspirasyon, at pinagtibay sa [a]iba sa pamamagitan ng paglilingkod ng mga anghel, at [b]ipinahayag sa sanlibutan sa pamamagitan nila—
11 Pinatutunayan sa sanlibutan na ang mga banal na kasulatan ay [a]totoo, at ang Diyos ay [b]humihikayat ng mga tao at tinatawag sila para sa kanyang [c]banal na gawain sa panahon at salinlahing ito, maging sa mga sinaunang salinlahi;
12 Sa ganitong pamamaraan kanyang pinatutunayang siya [a]rin ang Diyos kahapon, ngayon, at magpakailanman. Amen.
13 Samakatwid, sa pagkakaroon ng mga dakilang saksi, sa pamamagitan nila ang sanlibutan ay hahatulan, maging kasindami ng makararating sa kaalaman ng gawaing ito pagkaraan nito.
14 At yaong mga tatanggap nito nang may pananampalataya, at gumagawa ng [a]kabutihan, ay makatatanggap ng [b]putong ng buhay na walang hanggan;
15 Subalit yaong mga magpapatigas ng kanilang mga puso sa [a]kawalan ng pananampalataya, at tatanggihan ito, ito ay babaling sa kanilang sariling kaparusahan—
16 Sapagkat ang Panginoong Diyos ang nagsabi nito; at kami, ang mga elder ng simbahan, ang nakarinig at nagpatotoo sa mga salita ng maluwalhating Kamahalan sa kaitaasan, sumakanya ang kaluwalhatian magpakailanman at walang katapusan. Amen.
17 Sa pamamagitan ng mga bagay na ito [a]nalalaman natin na may [b]Diyos sa langit, na walang katapusan at walang hanggan, mula sa walang hanggan hanggang sa walang hanggan ang siya ring hindi nagbabagong Diyos, ang tagapaglikha ng langit at lupa, at ng lahat ng bagay na naroroon sa mga yaon;
18 At kanyang [a]nilikha ang tao, lalaki at babae, ayon sa kanyang sariling [b]larawan at sa kanyang sariling wangis, nilikha niya sila;
19 At nagbigay sa kanila ng mga kautusan na sila ay nararapat na [a]magmahal at [b]maglingkod sa kanya, ang tanging buhay at tunay na Diyos, at na siya

10*a* Moro. 7:29–32; D at T 5:11.
*b* Tingnan sa Ang Patotoo ng Tatlong Saksi at Ang Patotoo ng Walong Saksi sa mga unang pahina ng Aklat ni Mormon.
11*a* GBK Banal na Kasulatan, Mga—Kahalagahan ng mga banal na kasulatan.
*b* GBK Inspirasyon.
*c* GBK Banal (pang-uri).
12*a* Heb. 13:8; 1 Ne. 10:18–19; Morm. 9:9–10; D at T 35:1; 38:1–4.
14*a* GBK Matwid, Katwiran.
*b* GBK Buhay na Walang Hanggan; Kadakilaan.
15*a* GBK Kawalang-paniniwala.
17*a* D at T 76:22–23.
*b* Jos. 2:11. GBK Diyos, Panguluhang Diyos.
18*a* GBK Likha, Paglikha.
*b* Gen. 1:26–27; Mos. 7:27; Eter 3:14–17.
19*a* Deut. 11:1; Mat. 22:37; Moro. 10:32; D at T 59:5–6.
*b* Deut. 6:13–15. GBK Paglilingkod.

lamang ang tangi nilang nara-
rapat na [c]sambahin.
20 Subalit sa pamamagitan ng
paglabag ng mga banal na ba-
tas na ito ang tao ay naging
[a]makamundo at [b]maladiyablo,
at naging mga taong [c]nahulog.
21 Dahil dito, ibinigay ng Pi-
nakamakapangyarihang Diyos
ang kanyang [a]Bugtong na Anak,
tulad ng natatala sa mga banal
na kasulatan na ibinigay tung-
kol sa kanya.
22 Siya ay nagdanas ng mga
[a]tukso subalit hindi siya nagpa-
daig sa mga ito.
23 Siya ay [a]ipinako sa krus, na-
matay, at muling [b]bumangon sa
ikatlong araw;
24 At [a]umakyat sa langit,
upang umupo sa kanang kamay
ng [b]Ama, upang maghari nang
may dakilang kapangyarihan
alinsunod sa kalooban ng Ama;
25 Na kasindami ng [a]mani-
niwala at magpapabinyag sa
kanyang banal na pangalan, at
[b]magtitiis nang may pananam-
palataya hanggang wakas, ay
maliligtas—
26 Hindi lamang yaong mga
naniwala pagkatapos niyang
pumarito sa [a]kalagitnaan ng pa-
nahon, sa laman, kundi lahat ng
yaong mula pa sa simula, ma-
ging kasindami noong bago pa
siya pumarito, na naniwala sa
mga salita ng mga [b]banal na
propeta, na nangusap habang
sila ay pinupukaw ng [c]kaloob
na Espiritu Santo, na tunay na
[d]nagpatotoo sa kanya sa lahat
ng bagay, ay magkakaroon ng
buhay na walang hanggan,
27 At maging yaong mga susu-
nod pa, na maniniwala sa mga
[a]kaloob at tawag ng Diyos sa pa-
mamagitan ng Espiritu Santo,
na [b]nagpapatotoo sa Ama at sa
Anak;
28 Na ang Ama, Anak, at Espi-
ritu Santo ay [a]isang Diyos, wa-
lang katapusan at walang hang-
gan, walang wakas. Amen.
29 At aming nalalaman na la-
hat ng tao ay kinakailangang
[a]magsisi at maniwala sa panga-
lan ni Jesucristo, at sambahin
ang Ama sa kanyang pangalan,
at magtiis nang may [b]pananam-
palataya sa kanyang pangalan
hanggang wakas, o hindi sila
[c]maliligtas sa kaharian ng Diyos.
30 At aming nalalaman na ang

19*c* gbk Pagsamba.
20*a* gbk Mahalay, Kahalayan.
*b* gbk Diyablo.
*c* gbk Likas na Tao.
21*a* gbk Bugtong na Anak.
22*a* Mat. 4:1–11; 27:40.
23*a* gbk Pagpapako sa Krus.
*b* gbk Pagkabuhay na Mag-uli.
24*a* gbk Pag-akyat sa Langit.
*b* gbk Ama sa Langit; Diyos, Panguluhang Diyos—Diyos Ama.
25*a* D at T 35:2; 38:4; 45:5, 8; 68:9; 76:51–53.
*b* gbk Makapagtiis.
26*a* D at T 39:1–3.
*b* Jac. 4:4; 7:11; Mos. 13:33.
*c* Moi. 5:58. gbk Espiritu Santo.
*d* gbk Jesucristo—Mga propesiya hinggil sa pagsilang at kamatayan ni Jesucristo.
27*a* D at T 18:32.
*b* D at T 42:17.
28*a* Juan 17:20–22; 3 Ne. 11:27, 36. gbk Diyos, Panguluhang Diyos.
29*a* gbk Magsisi, Pagsisisi.
*b* gbk Pananampalataya.
*c* gbk Kaligtasan; Plano ng Pagtubos.

pagbibigay ng [a]katwiran sa pamamagitan ng [b]biyaya ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo ay makatarungan at totoo;
31 At amin ding nalalaman, na ang [a]pagpapabanal sa pamamagitan ng biyaya ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo ay makatarungan at totoo, sa lahat ng yaong nagmamahal at naglilingkod sa Diyos nang buo nilang [b]kakayahan, pag-iisip, at lakas.
32 Subalit ang tao ay maaaring [a]mahulog mula sa biyaya at malayo sa buhay na Diyos;
33 Samakatwid mag-ingat ang simbahan at manalangin tuwina, upang huwag silang mahulog sa [a]tukso;
34 Oo, at maging yaong mga pinabanal na magsipag-ingat din.
35 At aming nalalaman na ang mga bagay na ito ay totoo at alinsunod sa mga paghahayag ni Juan, ni hindi [a]nagdagdag, ni bumawas mula sa propesiya sa kanyang aklat, ng mga banal na [b]kasulatan, o mga paghahayag ng Diyos na ihahayag pagkaraan nito sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Espiritu Santo, ng [c]tinig ng Diyos, o ng paglilingkod ng mga anghel.
36 At ang Panginoong Diyos ang nagsabi nito; at karangalan, kapangyarihan at kaluwalhatian ay ibibigay sa kanyang banal na pangalan, maging ngayon at magpakailanman. Amen.
37 *At muli, bilang kautusan sa simbahan hinggil sa paraan ng pagbibinyag*—Lahat ng yaong nagpapakumbaba ng kanilang sarili sa harapan ng Diyos, at nagnanais na [a]magpabinyag, at humarap nang may [b]bagbag na puso at nagsisising espiritu, at pinatutunayan sa simbahan na sila ay tunay na nagsisisi sa lahat ng kanilang kasalanan, at pumapayag na taglayin sa kanilang sarili ang [c]pangalan ni Jesucristo, na may [d]matibay na hangaring paglingkuran siya hanggang wakas, at tunay na ipinakikita sa pamamagitan ng kanilang mga [e]gawa na natanggap nila ang Espiritu ni Cristo tungo sa [f]kapatawaran ng kanilang mga kasalanan, ay tatanggapin sa pamamagitan ng pagbibinyag sa kanyang simbahan.
38 *Ang tungkulin ng mga elder, saserdote, guro, diyakono, at kasapi ng simbahan ni Cristo*—Ang isang [a]apostol ay isang elder, at ang kanyang tungkulin ay [b]magbinyag;

30*a* GBK Pagbibigay-katwiran, Pangatwiranan.
*b* GBK Biyaya.
31*a* GBK Pagpapabanal.
*b* Deut. 6:5; Moro. 10:32.
32*a* GBK Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan; Paghihimagsik.
33*a* GBK Tukso, Panunukso.
35*a* Apoc. 22:18–19.
*b* GBK Banal na Kasulatan, Mga.
*c* D at T 18:33–36.
37*a* GBK Pagbibinyag, Binyagan.
*b* GBK Bagbag na Puso.
*c* Mos. 5:7–9; 18:8–10. GBK Jesucristo—Taglayin ang pangalan ni Jesucristo sa atin.
*d* GBK Makapagtiis.
*e* Sant. 2:18. GBK Gawa, Mga.
*f* GBK Kapatawaran ng mga Kasalanan.
38*a* GBK Apostol.
*b* 3 Ne. 11:21–22.

39 At mag-[a]orden ng ibang mga elder, saserdote, guro, at diyakono;
40 At [a]pangasiwaan ang tinapay at alak—ang mga simbolo ng laman at dugo ni Cristo—
41 At [a]pagtibayin ang mga yaong bininyagan sa simbahan, sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga [b]kamay para sa pagbibinyag ng apoy at ng [c]Espiritu Santo, alinsunod sa mga banal na kasulatan;
42 At magturo, magpaliwanag, manghikayat, magbinyag, at pangalagaan ang simbahan;
43 At pagtibayin ang simbahan sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, at pagbibigay ng Espiritu Santo;
44 At pamunuan ang lahat ng pagpupulong.
45 Ang mga elder ay kinakailangang [a]pangasiwaan ang mga pagpupulong habang sila ay ginagabayan ng Espiritu Santo, alinsunod sa mga kautusan at paghahayag ng Diyos.
46 Ang tungkulin ng [a]saserdote ay mangaral, [b]magturo, magpaliwanag, manghikayat, at magbinyag, at pangasiwaan ang sakramento,
47 At dumalaw sa bahay ng bawat kasapi, at hikayatin silang [a]manalangin nang [b]malakas at nang lihim at isagawa ang lahat ng tungkulin na pang [c]mag-anak.
48 At siya rin ay maaaring [a]ordenan ang ibang mga saserdote, guro, at diyakono.
49 At kanyang pamumunuan ang mga pagpupulong kapag walang elder na naroroon;
50 Subalit kapag may elder na naroroon, siya ay mangangaral, magtuturo, magpapaliwanag, manghihikayat, at magbibinyag lamang,
51 At dumalaw sa bahay ng bawat kasapi, hinihikayat silang manalangin nang malakas at nang lihim at isagawa ang lahat ng tungkulin na pang mag-anak.
52 Sa lahat ng tungkuling ito ang saserdote ay dapat [a]tumulong sa mga elder kung hinihingi ng pagkakataon.
53 Ang tungkulin ng mga [a]guro ay [b]pangalagaan ang simbahan tuwina, at makapiling at palakasin sila;
54 At tiyakin na walang kasamaan sa simbahan, ni [a]samaan ng loob sa bawat isa, ni pagsisinungaling, paninirang-puri, ni pagsasalita ng [b]masama;
55 At tiyakin na ang simbahan

39*a* Moro. 3:1–4; D at T 107:58.
40*a* GBK Sakramento.
41*a* D at T 33:11, 14–15; 55:3.
*b* GBK Kamay, Pagpapatong ng mga.
*c* GBK Kaloob na Espiritu Santo.
45*a* Moro. 6:9; D at T 46:2.
46*a* D at T 84:111; 107:61. GBK Saserdote, Pagkasaserdoteng Aaron.
*b* GBK Turuan, Guro.
47*a* 1 Tim. 2:8.
*b* D at T 19:28.
*c* GBK Mag-anak.
48*a* GBK Ordenan, Pag-oorden.
52*a* D at T 107:14.
53*a* GBK Guro, Pagkasaserdoteng Aaron.
*b* GBK Magbantay, Mga Tagabantay.
54*a* 1 Tes. 5:11–13.
*b* GBK Pagsasalita nang Masama.

ay madalas na sama-samang nagtitipon, at tiyakin din na lahat ng kasapi ay gumagawa ng kanilang mga tungkulin.
56 At kanyang pamumunuan ang mga pagpupulong kapag walang elder o saserdote na naroroon—
57 At kinakailangang tinutulungan tuwina, sa lahat ng kanyang tungkulin sa simbahan, ng mga [a]diyakono, kung hinihingi ng pagkakataon.
58 Subalit walang mga guro ni mga diyakono ang may karapatang magbinyag, mangasiwa ng sakramento, o magpatong ng mga kamay;
59 Sila, gayunman, ay magbababala, magpapaliwanag, manghihikayat, at magtuturo, at maganyaya sa lahat na lumapit kay Cristo.
60 Bawat [a]elder, saserdote, guro, o diyakono ay oordenan alinsunod sa mga kaloob at [b]tawag ng Diyos sa kanya; at siya ay oordenan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, na taglay niya na magoorden sa kanya.
61 Ang ilang elder na bumubuo sa simbahang ito ni Cristo ay magtitipun-tipon sa isang pagpupulong minsan sa tatlong buwan, o sa pana-panahon sa pag-aatas o pagtatakda ng naturang kapulungan;
62 At ang mga naturang kapulungan ay magsasagawa ng anumang gawain sa simbahan na kinakailangang gawin sa panahong yaon.
63 Tatanggapin ng mga elder ang kanilang mga lisensiya mula sa ibang mga elder, sa pamamagitan ng [a]pagboto ng simbahan kung saan sila kabilang, o mula sa mga kapulungan.
64 Bawat saserdote, guro, o diyakono, na inordenan ng isang saserdote, ay maaaring kumuha ng isang katibayan mula sa kanya sa panahong yaon, kung aling [a]katibayan, kapag ipakikita sa isang elder, ay magbibigay sa kanya ng lisensiyang gampanan ang mga tungkulin kung saan siya tinawag, o maaari niya itong matanggap sa isang kapulungan.
65 Walang taong [a]oordenan sa anumang katungkulan sa simbahang ito, na kung saan may isang wastong itinatag na sangay, nang walang [b]boto ng simbahang ito;
66 Subalit ang mga namumunong elder, naglalakbay na obispo, mataas na tagapayo, mataas na saserdote, at elder, ay may pribilehiyong mag-orden, na kung saan ay walang sangay ng simbahan na ang pagboto ay maaaring tawagin.
67 Bawat pangulo ng mataas na pagkasaserdote (o namumunong elder), [a]obispo, mataas na

57*a* GBK Diyakono.
60*a* GBK Elder.
*b* GBK Tawag, Tinawag ng Diyos, Pagkakatawag.
63*a* GBK Pangkalahatang Pagsang-ayon.
64*a* D at T 20:84; 52:41.
65*a* GBK Ordenan, Pag-oorden.
*b* D at T 26:2. GBK Pangkalahatang Pagsang-ayon.
67*a* GBK Obispo.

tagapayo, at [b]mataas na saserdote, ay oordenan sa ilalim ng pamamatnubay ng [c]mataas na kapulungan o pangkalahatang pagpupulong.
68 *Ang [a]tungkulin ng mga kasapi pagkatapos silang tanggapin sa pamamagitan ng pagbibinyag.*—Ang mga elder o saserdote ay dapat magkaroon ng sapat na panahon upang ipaliwanag ang lahat ng bagay hinggil sa simbahan ni Cristo upang kanilang [b]maunawaan, bago sa kanilang pakikibahagi ng [c]sakramento at pagpapatibay sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga [d]kamay ng mga elder, upang ang lahat ng bagay ay maisagawa nang maayos.
69 At ipakikita ng mga kasapi sa harapan ng simbahan, at gayon din sa harapan ng mga elder, sa pamamagitan ng makadiyos na paglakad at pakikipag-usap, na sila ay karapat-dapat dito, upang magkaroon ng mga [a]gawa at pananampalataya na naaayon sa mga banal na kasulatan—lumalakad nang may [b]kabanalan sa harapan ng Panginoon.
70 Bawat kasapi ng simbahan ni Cristo na may mga anak ay dapat dalhin ang mga anak sa mga elder sa harapan ng simbahan, na siyang magpapatong ng kanilang mga kamay sa kanila sa pangalan ni Jesucristo, at [a]babasbasan sila sa kanyang pangalan.
71 Walang sinuman ang tatanggapin sa simbahan ni Cristo, maliban kung siya ay nasa hustong gulang na upang [a]managot sa Diyos, at may kakayahan nang [b]magsisi.
72 Ang [a]pagbibinyag ay kinakailangang pangasiwaan sa mga sumusunod na pamamaraan sa lahat ng yaong magsisisi—
73 Ang taong tinawag ng Diyos at may karapatan mula kay Jesucristo na magbinyag, ay bababa sa tubig kasama ang taong bibinyagan at sasabihin, tinatawag siya sa kanyang pangalan: Bilang naatasan ni Jesucristo, binibinyagan kita sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. Amen.
74 Pagkatapos ay kanyang [a]ilulubog siya sa tubig, at iaahon muli mula sa tubig.
75 Kinakailangan na ang simbahan ay magtipon nang madalas upang [a]makakain ng tinapay at makainom ng alak sa [b]pagaalaala sa Panginoong Jesus;
76 At ang elder o saserdote ang

67*b* GBK Mataas na Saserdote.
*c* GBK Mataas na Kapulungan.
68*a* GBK Tungkulin.
*b* GBK Pagkaunawa.
*c* GBK Sakramento.
*d* GBK Kamay, Pagpapatong ng mga.
69*a* Sant. 2:14–17.
*b* GBK Kabanalan.
70*a* GBK Pagpapala, Pagpapalain, Pinagpala—Pagbabasbas sa mga bata.
71*a* D at T 18:42; 29:47; 68:25–27. GBK Mananagot, Pananagutan, May Pananagutan; Pagbibinyag, Binyagan—Mga hinihingi para sa pagbibinyag.
*b* GBK Magsisi, Pagsisisi.
72*a* 3 Ne. 11:22–28.
74*a* GBK Pagbibinyag, Binyagan—Pagbibinyag sa pamamagitan ng paglubog.
75*a* Gawa 20:7.
*b* GBK Sakramento.

mangangasiwa nito; at alinsunod sa [a]pamamaraang ito kanya itong pangangasiwaan—siya ay luluhod kasama ang simbahan at mananalangin nang taimtim sa Ama, sinasabing:
77 O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, kami ay humihiling sa inyo sa pangalan ng inyong Anak, na si Jesucristo, na basbasan at gawing banal ang [a]tinapay na ito sa mga kaluluwa ng lahat nila na kakain nito, nang sila ay makakain bilang pag-alaala sa katawan ng inyong Anak, at [b]patunayan sa inyo, O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, na sila ay pumapayag na [c]taglayin sa kanilang sarili ang pangalan ng inyong Anak, at lagi siyang alalahanin at [d]susundin ang kanyang mga kautusan na ibinigay niya sa kanila; nang sa tuwina ay mapasakanila ang kanyang [e]Espiritu upang makasama nila. Amen.
78 Ang [a]pamamaraan ng pangangasiwa ng alak—kanyang kukunin din ang [b]saro, at sasabihing:
79 O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, kami ay humihiling sa inyo sa pangalan ng inyong Anak, na si Jesucristo, na basbasan at gawing banal ang [a]alak na ito sa mga kaluluwa ng lahat nila na iinom nito, nang ito ay kanilang magawa bilang pag-alaala sa dugo ng inyong Anak, na nabuhos alang-alang sa kanila; nang kanilang mapatunayan sa inyo, O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, na sila sa tuwina ay aalalahanin siya, nang mapasakanila ang kanyang Espiritu upang makasama nila. Amen.
80 Sinumang kasapi ng simbahan ni Cristo ang nagkakasala, o nahuling nagkamali, ay nararapat pakitunguhan alinsunod sa tagubilin ng mga banal na kasulatan.
81 Katungkulan ng ilan sa simbahan, na bumubuo ng simbahan ni Cristo, na magsugo ng isa o higit pa sa kanilang mga guro na dumalo sa ilang pagpupulong na idinaraos ng mga elder ng simbahan,
82 Dala ang talaan ng mga [a]pangalan ng ilang kasapi na nakikiisa sa simbahan mula noong nakaraang pagpupulong; o isinugo sa pamamagitan ng kamay ng ilang saserdote; nang sa gayon ay magkaroon ng isang maayos na talaan ng lahat ng pangalan ng buong simbahan ang maingatan sa isang aklat ng isa sa mga elder, kung sinuman ang itatalaga ng mga elder sa pana-panahon;
83 At gayon din, kung may sinumang [a]itiniwalag sa simbahan, nang sa gayon ang kanilang mga pangalan ay mabura sa pangkalahatang talaan ng pangalan sa simbahan.

76*a* Moro. 4:1–3.
77*a* Lu. 22:19.
*b* Mos. 18:8–10; D at T 20:37.
*c* Mos. 5:8–12.
*d* GBK Pagsunod, Masunurin, Sumunod.
*e* Juan 14:16.
78*a* Moro. 5:1–2.
*b* Lu. 22:20.
79*a* D at T 27:2–4.
82*a* Moro. 6:4.
83*a* Ex. 32:33; Alma 5:57; Moro. 6:7. GBK Pagtitiwalag.

84 Lahat ng kasapi na lumilipat mula sa simbahan kung saan sila naninirahan, kung magtutungo sa isang simbahan na hindi sila nakikilala, ay maaaring magdala ng isang liham na nagpapatunay na sila ay mga kasapi at may mabuting katayuan, kung aling katibayan ay maaaring lagdaan ng sinumang elder o saserdote kung ang kasapi na tatanggap ng liham ay kakilala ng elder o saserdote, o ito ay maaaring lagdaan ng mga guro o diyakono ng simbahan.

## BAHAGI 21

*Paghahayag na ibinigay kay Joseph Smith, ang Propeta, sa Fayette, New York, ika-6 ng Abril 1830 (*History of the Church, *1:74–79). Ang paghahayag na ito ay ibinigay sa pagkakatatag ng Simbahan, sa petsang nabanggit, sa tahanan ni Peter Whitmer, Sr. Anim na kalalakihan, na dati nang nabinyagan, ang nakilahok. Sa pamamagitan ng buong pagkakaisang pagboto ang mga taong ito ay nagpahayag ng kanilang pagnanais at matibay na hangaring magtatag, alinsunod sa kautusan ng Diyos (tingnan sa bahagi 20). Sila rin ay bumoto na tanggapin at itaguyod sina Joseph Smith, Jr., at Oliver Cowdery bilang mga namumunong pinuno ng Simbahan. Sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, inordenan ni Joseph si Oliver bilang elder ng Simbahan, at inordenan din ni Oliver si Joseph. Pagkaraang pangasiwaan ang sakramento, sina Joseph at Oliver ay nagpatong ng mga kamay sa bawat dumalo para sa pagbibigay ng Espiritu Santo at para sa pagpapatibay sa bawat isa bilang kasapi ng Simbahan.*

*1–3, Si Joseph Smith ay tinawag na tagakita, tagapagsalin, propeta, apostol, at elder; 4–8, Ang kanyang salita ang papatnubay sa kapakanan ng Sion; 9–12, Ang mga Banal ay maniniwala sa kanyang mga salita habang siya ay nangungusap sa pamamagitan ng Mang-aaliw.*

MASDAN, may [a]talaang iingatan sa inyo; at sa mga ito ikaw ay tatawaging [b]tagakita, tagapagsalin, propeta, isang [c]apostol ni Jesucristo, elder ng simbahan sa pamamagitan ng kalooban ng Diyos Ama, at ng biyaya ng inyong Panginoong Jesucristo,
2 Na [a]pinupukaw ng Espiritu Santo upang itatag ang saligan niyaon, at itayo ito sa pinakabanal na pananampalataya.
3 Kung aling [a]simbahan ay [b]itinatag at itinayo sa taon ng inyong Panginoon labingwalong daan at tatlumpu, sa ika-

**21** 1*a* D at T 47:1; 69:3–8; 85:1.
*b* GBK Tagakita.
*c* GBK Apostol.
2*a* GBK Inspirasyon.
3*a* GBK Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Ang.
*b* D at T 20:1.

apat na buwan, at sa ikaanim na
araw ng buwan na tinatawag na
Abril.
4 Dahil dito, nangangahulu-
gang ang simbahan, kayo ay
tatalima sa lahat ng kanyang
mga [a]salita at kautusang ibibi-
gay niya sa inyo tuwing siya ay
tatanggap ng mga ito, naglala-
kad nang buong [b]kabanalan sa
harapan ko;
5 Sapagkat ang kanyang [a]salita
ay inyong tatanggapin, na pa-
rang mula sa sarili kong bibig,
nang buong pagtitiis at pana-
nampalataya.
6 Sapagkat sa pamamagitan ng
paggawa ng mga bagay na ito
ang [a]pintuan ng impiyerno ay
hindi mananaig laban sa inyo;
oo, at itataboy ng Panginoong
Diyos ang mga kapangyarihan
ng [b]kadiliman mula sa harapan
ninyo, at [c]payayanigin ang ka-
langitan para sa inyong ikabu-
buti, at sa [d]ikaluluwalhati ng
kanyang pangalan.
7 Sapagkat sinabi ng Pangino-
ong Diyos: Siya ay aking pinu-
kaw upang isulong ang kapa-
kanan ng [a]Sion sa malakas na
kapangyarihan para sa kabu-
tihan, at ang kanyang pagsu-
sumigasig ay nalalaman ko, at
ang kanyang mga panalangin
ay narinig ko.
8 Oo, ang kanyang pagtangis
para sa Sion ay nakita ko, at ga-
gawin ko na hindi na siya mag-
dadalamhati pa; sapagkat ang
mga araw ng kanyang kagala-
kan ay sumapit na sa [a]kapata-
waran ng kanyang mga kasala-
nan, at ang mga pagpapakita ng
aking mga pagpapala sa kan-
yang mga gawa.
9 Sapagkat, masdan, aking
[a]pagpapalain ang lahat ng ya-
ong gumagawa sa aking [b]uba-
san ng dakilang pagpapala, at
sila ay maniniwala sa kanyang
mga salita, na ibinigay sa kan-
ya mula sa akin sa pamamagi-
tan ng [c]Mang-aaliw, na [d]nagpa-
patunay na si Jesus ay [e]ipinako
sa krus ng mga [f]makasalanang
tao para sa mga kasalanan ng
[g]sanlibutan, oo, para sa kapata-
waran ng mga kasalanan sa
[h]nagsisising puso.
10 Dahil dito aking minarapat
na siya ay [a]ordenan mo, Oliver
Cowdery aking apostol;
11 Ito na isang ordenansa sa
iyo, na ikaw ay isang elder sa
ilalim ng kanyang kamay, siya
na [a]una sa iyo, nang ikaw ay
maging elder sa simbahang ito
ni Cristo, na nagtataglay ng
aking pangalan—
12 At ang unang mangangaral
ng simbahang ito sa simbahan,

4*a* GBK Banal na Kasulatan, Mga.
*b* GBK Kabanalan.
5*a* D at T 1:38. GBK Pagtataguyod sa mga Pinuno ng Simbahan; Propeta.
6*a* Mat. 16:18; D at T 10:69.
*b* Col. 1:12–13.
*c* D at T 35:24.
*d* GBK Kaluwalhatian.
7*a* GBK Sion.
8*a* D at T 20:5–6.
9*a* 1 Ne. 13:37; Jac. 5:70–76.
*b* GBK Ubasan ng Panginoon.
*c* GBK Mang-aaliw.
*d* GBK Magpatotoo.
*e* GBK Pagpapako sa Krus.
*f* GBK Kasalanan.
*g* 1 Juan 2:2. GBK Daigdig—Mga taong hindi sumusunod sa mga kautusan.
*h* GBK Bagbag na Puso.
10*a* GBK Ordenan, Pag-oorden.
11*a* D at T 20:2.

at sa sanlibutan, oo, sa mga Gentil; oo, at yaon ang sinabi ng Panginoong Diyos, narito, narito! sa mga [a]Judio rin. Amen.

## BAHAGI 22

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Manchester, New York, Abril 1830 (*History of the Church, *1:79–80). Ang paghahayag na ito ay ibinigay sa Simbahan bunga ng ilan na dati nang nabinyagan na nagnanais na makiisa sa Simbahan nang hindi na muling bibinyagan.*

*1, Ang pagbibinyag ay isang bago at walang hanggang tipan; 2–4, Ang may karapatang pagbibinyag ay kinakailangan.*

MASDAN, sinasabi ko sa
inyo na lahat ng [a]lumang
tipan ay aking pinapangyaring
lumipas sa bagay na ito; at ito
ay isang bago at [b]walang hang-
gang tipan, maging yaon na
mula sa simula.
2 Dahil dito, bagaman ang
isang tao ay mabinyagan ng
ilang daang ulit walang kabu-
luhan ito para sa kanya, sapag-
kat hindi kayo makapapasok sa
makipot na pintuan sa pamama-
gitan ng mga [a]batas ni Moises,
ni sa pamamagitan ng inyong
mga [b]patay na gawa.
3 Sapagkat dahil sa inyong
mga patay na gawa aking pina-
pangyari ang huling tipan na
ito at ang simbahang ito na ma-
itayo sa akin, maging tulad no-
ong sinauna.
4 Dahil dito, pumasok kayo sa
[a]pintuan, gaya ng aking iniutos,
at huwag ninyong [b]hangaring
payuhan ang Diyos. Amen.

## BAHAGI 23

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Manchester, New York, Abril 1830, para kina Oliver Cowdery; Hyrum Smith; Samuel H. Smith; Joseph Smith, Sr.; at Joseph Knight, Sr. (*History of the Church, *1:80). Bunga ng tapat na hangarin ng limang taong nabanggit na malaman ang kani-kanilang mga tungkulin, ang Propeta ay nagtanong sa Panginoon at natanggap ang paghahayag na ito.*

*1–7, Ang mga naunang disipulong ito ay tinawag na mangaral, manghikayat, at palakasin ang Simbahan.*

---

12*a* 1 Ne. 13:42; D at T 19:27; 90:8–9.
**22** 1*a* Heb. 8:13; 3 Ne. 12:46–47.
*b* D at T 66:2. GBK Tipan; Bago at Walang Hanggang Tipan.
2*a* Gal. 2:16. GBK Batas ni Moises, Mga.
*b* Moro. 8:23–26.
4*a* Mat. 7:13–14; Lu. 13:24; 2 Ne. 9:41; 31:9, 17–18; 3 Ne. 14:13–14. GBK Pagbibinyag, Binyagan.
*b* Jac. 4:10.

MASDAN, nangungusap ako sa iyo, Oliver, ng ilang salita. Masdan, ikaw ay pinagpala, at ikaw ay wala sa ilalim ng kaparusahan. Subalit mag-ingat sa [a]kapalaluan, upang huwag kang [b]matukso.
2 Ipaalam ang iyong tungkulin sa simbahan, at gayon din sa sanlibutan, at ang iyong puso ay mabubuksan upang mangaral ng katotohanan mula ngayon at magpakailanman. Amen.
3 Masdan, nangungusap ako sa iyo, Hyrum, ng ilang salita; sapagkat ikaw rin ay wala sa ilalim ng kaparusahan, at ang iyong puso ay bukas, at ang iyong dila ay kinalagan; at ang iyong tungkulin ay manghikayat, at patuloy na [a]palakasin ang simbahan. Dahil dito ang iyong tungkulin ay sa simbahan magpakailanman, at ito ay dahil sa iyong mag-anak. Amen.
4 Masdan, nangungusap ako ng ilang salita sa iyo, [a]Samuel; sapagkat ikaw rin ay wala sa ilalim ng kaparusahan, at ang iyong tungkulin ay manghikayat, at palakasin ang simbahan; at ikaw ay hindi pa tinatawag upang mangaral sa sanlibutan. Amen.
5 Masdan, nangungusap ako ng ilang salita sa iyo, Joseph; sapagkat ikaw rin ay wala sa ilalim ng kaparusahan, at ang iyo ring tungkulin ay manghikayat, at palakasin ang simbahan; at ito ang iyong tungkulin mula ngayon at magpakailanman. Amen.
6 Masdan, ipinaaalam ko sa iyo, Joseph Knight, sa pamamagitan ng mga salitang ito, na kailangan mong pasanin ang iyong [a]krus, kung saan ay kailangan kang [b]manalangin nang [c]malakas sa harapan ng sanlibutan at gayon din nang lihim, at sa iyong mag-anak, at sa iyong mga kaibigan, at sa lahat ng dako.
7 At, masdan, tungkulin mo na [a]makiisa sa tunay na simbahan, at patuloy na ibigay ang iyong wika sa panghihikayat, upang ikaw ay makatanggap ng gantimpala ng manggagawa. Amen.

## BAHAGI 24

*Paghahayag na ibinigay kina Joseph Smith, ang Propeta, at Oliver Cowdery, sa Harmony, Pennsylvania, Hulyo 1830 (*History of the Church, *1:101–103). Bagaman wala pang apat na buwan ang nakalilipas simula nang ang Simbahan ay naitatag, ang pag-uusig ay naging masidhi, at ang mga pinuno ay nangailangang maghanap ng kaligtasan sa pamamagitan ng pagtatago. Ang mga sumusunod na tatlong*

**23** 1*a* GBK Kapalaluan.
*b* GBK Tukso, Panunukso.
3*a* D at T 81:4–5; 108:7.
4*a* JS—K 1:4.
6*a* Mat. 10:38; 3 Ne. 12:30.
*b* GBK Panalangin.
*c* D at T 20:47, 51.
7*a* GBK Pagbibinyag, Binyagan—Kinakailangan.

*paghahayag ay ibinigay sa panahong ito upang palakasin, hikayatin, at tagubilinan sila.*

*1–9, Si Joseph Smith ay tinawag na magsalin, mangaral, at magpaliwanag ng mga banal na kasulatan; 10–12, Si Oliver Cowdery ay tinawag na mangaral ng ebanghelyo; 13–19, Ang batas ay ipinahayag kaugnay ng mga himala, sumpa, at pagpapagpag ng alikabok sa paa, at paghayo ng walang supot ng salapi o supot ng pagkain.*

MASDAN, ikaw ay tinawag
at pinili upang isulat ang
Aklat ni Mormon, at sa aking
gawain; at ikaw ay aking inia-
hon mula sa iyong mga pagdu-
rusa, at pinagpayuhan ka, kaya
nga ikaw ay iniligtas mula sa
lahat ng iyong mga kaaway, at
ikaw ay iniligtas mula sa mga
kapangyarihan ni Satanas at
mula sa kadiliman!
2 Gayunman, wala kang mai-
dadahilan sa iyong mga [a]pagla-
bag; gayunman, humayo ka at
huwag nang magkasala.
3 [a]Gawin ang iyong tungku-
lin; at pagkatapos mong pun-
laan ang iyong mga bukid at
maisaayos ang mga ito, kaagad
na magtungo sa simbahan na
nasa [b]Colesville, Fayette, at Man-
chester, at ikaw ay kanilang
[c]itataguyod; at akin silang pag-
papalain kapwa espirituwal at
temporal;
4 Subalit kung hindi ka nila
tatanggapin, magpapadala ako
sa kanila ng isang sumpa sa ha-
lip na isang pagpapala.
5 At ikaw ay magpapatuloy sa
pagtawag sa Diyos sa aking
pangalan, at pagsulat ng mga
bagay na ibibigay sa iyo ng
[a]Mang-aaliw, at magpapaliwa-
nag ng lahat ng banal na kasu-
latan sa simbahan.
6 At ito ay ibibigay sa iyo sa
sandali kung ano ang iyong
[a]sasabihin at isusulat, at ito ay
maririnig nila, o ako ay magpa-
padala sa kanila ng isang sum-
pa sa halip na isang pagpapala.
7 Sapagkat iyong ilalaan ang
lahat ng iyong [a]paglilingkod sa
Sion; at dahil dito ikaw ay mag-
kakaroon ng lakas.
8 Maging [a]matiisin sa mga
[b]paghihirap, sapagkat ikaw ay
magdaranas ng marami; suba-
lit [c]tiisin ang mga ito, sapagkat,
masdan, ako ay makakasama
mo, maging sa [d]katapusan ng
iyong mga araw.
9 At sa mga temporal na ga-
wain ikaw ay hindi magkaka-
roon ng lakas, sapagkat ito ay
hindi mo tungkulin. Gawin ang
iyong [a]tungkulin at ikaw ay may
mapagkukunan upang maisa-
gawa ang iyong tungkulin, at
upang maipaliwanag ang lahat

**24** 2*a* D at T 1:31–32.
3*a* Jac. 1:19; 2:2.
*b* D at T 26:1; 37:2.
*c* D at T 70:12.
5*a* GBK Mang-aaliw.
6*a* Ex. 4:12;
Mat. 10:19–20;
Lu. 12:11–12;
Hel. 5:18–19;
D at T 84:85; 100:5–8;
Moi. 6:32.
7*a* GBK Paglilingkod.
8*a* GBK Tiyaga.
*b* GBK Pagdurusa.
*c* GBK Makapagtiis.
*d* Mat. 28:20.
9*a* GBK Katiwala, Ipinagkatiwala.

ng banal na kasulatan, at magpatuloy sa pagpapatong ng mga kamay at pagpapatibay ng mga simbahan.
10 At ang iyong kapatid na si
Oliver ay magpapatuloy sa pagpapatotoo sa aking pangalan sa sanlibutan, at gayon din sa simbahan. At hindi niya dapat akalain na kaya niyang sabihin ang sapat sa aking kapakanan; at masdan, ako ay makakasama niya hanggang sa katapusan.
11 Sa akin siya ay magkaka-
roon ng kaluwalhatian, at hindi ng sa sarili niya, maging sa kahinaan o sa kalakasan, maging sa pagkaalipin o kalayaan;
12 At sa lahat ng oras, at sa la-
hat ng dako, bubuksan niya ang kanyang bibig at [a]ipahahayag ang aking ebanghelyo na tulad ng tunog ng isang [b]pakakak, maging sa araw at gabi. At akin siyang bibigyan ng lakas na hindi pa batid ng mga tao.
13 Huwag humingi ng mga
[a]himala, maliban kung aking [b]iutos sa inyo, maliban sa [c]pagpapalayas ng mga [d]diyablo, [e]pagpapapagaling ng maysakit, at laban sa mga [f]makamandag na ahas, at laban sa mga nakamamatay na lason;
14 At ang [a]mga bagay na ito ay
hindi ninyo gagawin, maliban sa ito ay hingin nila sa inyo na nagnanais nito, upang ang mga banal na kasulatan ay matupad; sapagkat kayo ay gagawa alinsunod sa yaong nasusulat.
15 At saan mang lugar kayo
[a]pumasok, at hindi nila kayo tanggapin sa aking pangalan, kayo ay mag-iiwan ng isang sumpa sa halip na isang pagpapala, sa pamamagitan ng pagpapagpag ng [b]alikabok ng inyong mga paa laban sa kanila bilang isang patotoo, at paglilinis ng inyong mga paa sa tabing-daan.
16 At ito ay mangyayari na
kung sino man ang magbubuhat ng kanilang kamay sa inyo nang marahas, kayo ay mag-uutos upang magparusa sa aking pangalan; at, masdan, akin silang parurusahan alinsunod sa inyong mga salita, sa aking sariling takdang panahon.
17 At kung sinuman ang mag-
sasakdal sa iyo sa batas ay parurusahan ng batas.
18 At ikaw ay hindi dapat mag-
dala ng [a]supot ng salapi o supot ng pagkain, ni tungkod, ni dalawang tunika, sapagkat ibibigay sa iyo ng simbahan sa oras na iyong kakailanganin ang pagkain at ang kasuotan, at ang pangyapak at ang salapi, at ang supot ng pagkain.
19 Sapagkat ikaw ay tinawag

12*a* GBK Mangaral.
*b* D at T 34:6.
13*a* GBK Himala; Palatandaan.
*b* 1 Ne. 17:50.
*c* Mar. 16:17.
*d* GBK Espiritu—Masasamang espiritu.
*e* GBK Pinagaling, Pagpapagaling.
*f* Gawa 28:3–9; D at T 84:71–72; 124:98–99.
14*a* GBK Pangangasiwa sa Maysakit.
15*a* Mat. 10:11–15.
*b* Mar. 6:11; Lu. 10:11; D at T 60:15; 75:19–22; 99:4–5.
18*a* Mat. 10:9–10; Lu. 10:4; D at T 84:78–79.

upang [a]pungusan ang aking
ubasan nang may makapang-
yarihang pagpungus, oo, ma-
ging sa huling sandali; oo, at
gayon din ang lahat ng yaong
iyong [b]inordenan, at sila ay
gagawa maging alinsunod sa
huwarang ito. Amen.

## BAHAGI 25

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Harmony, Pennsylvania, Hulyo 1830 (*History of the Church*, 1:103–104). (Tingnan sa ulo ng bahagi 24.) Ang paghahayag na ito ay nagbibigay-alam ng kalooban ng Panginoon kay Emma Smith, ang asawa ng Propeta.*

*1–6, Si Emma Smith, isang hinirang na babae, ay tinawag na tumulong at mag-alo sa kanyang asawa; 7–11, Siya ay tinawag ding sumulat, magpaliwanag ng mga banal na kasulatan, at pumili ng mga himno; 12–14, Ang awit ng mabubuti ay isang panalangin sa Panginoon; 15–16, Ang mga alituntunin ng pagsunod sa paghahayag na ito ay para sa lahat.*

MAKINIG sa tinig ng Pa-
nginoon mong Diyos,
samantalang ako ay nangungu-
sap sa iyo, Emma Smith, aking
anak; sapagkat katotohanang si-
nasabi ko sa iyo, lahat ng yaong
[a]tumatanggap ng aking ebang-
helyo ay mga anak na lalaki at
babae sa aking [b]kaharian.
2 Isang paghahayag ang ibini-
bigay ko sa iyo hinggil sa aking
kalooban; at kung ikaw ay ma-
giging matapat at [a]lumalakad
sa landas ng [b]kabanalan sa ha-
rapan ko, aking pangangalaga-
an ang iyong buhay, at ikaw ay
makatatanggap ng [c]mana sa
Sion.
3 Masdan, ang iyong mga [a]ka-
salanan ay pinatatawad na, at
ikaw ay isang hinirang na ba-
bae, na aking [b]tinawag.
4 Huwag bumulung-bulong
dahil sa mga bagay na hindi mo
nakita, sapagkat ang mga ito ay
ipinagkait sa iyo at sa sanlibu-
tan, na karunungan sa akin sa
darating na panahon.
5 At ang tungkulin ng iyong
tawag ay maging [a]taga-alo ng
aking tagapaglingkod, na si
Joseph Smith, Jun., na iyong asa-
wa, sa kanyang mga pagdurusa,
ng may mga mapang-along sa-
lita, sa diwa ng kaamuan.
6 At ikaw ay sasama sa kanya

19*a* Jac. 5:61–74; D at T 39:17; 71:4.
*b* GBK Ordenan, Pag-oorden.
**25** 1*a* Juan 1:12. GBK Anak na Lalaki at Babae ng Diyos, Mga.
*b* GBK Kaharian ng Diyos o Kaharian ng Langit.
2*a* GBK Lumakad, Lumakad na Kasama ng Diyos.
*b* GBK Kabaitan.
*c* D at T 52:42; 64:30; 101:18. GBK Sion.
3*a* Mat. 9:2.
*b* GBK Tawag, Tinawag ng Diyos, Pagkakatawag.
5*a* GBK Pagkahabag.

sa panahon ng kanyang mga
paglalakbay, at maging tagasu-
lat niya, samantalang wala pa
siyang tagasulat, nang maisu-
go ko ang aking tagapagling-
kod, na si Oliver Cowdery, saan
ko man loobin.
7 At ikaw ay [a]oordenan sa ila-
lim ng kanyang kamay upang
magpaliwanag ng mga banal
na kasulatan, at upang mang-
hikayat sa simbahan, alinsu-
nod sa ibibigay sa iyo ng aking
Espiritu.
8 Sapagkat kanyang ipapa-
tong ang kanyang mga [a]ka-
may sa iyo, at iyong matatang-
gap ang Espiritu Santo, at
ang iyong panahon ay ilalaan
sa pagsusulat, at sa pag-aaral
nang lubos.
9 At ikaw ay hindi dapat mata-
kot, sapagkat ang iyong asawa
ay tutulong sa iyo sa simbahan;
sapagkat sa kanila ang kan-
yang [a]tungkulin, nang lahat ng
bagay ay [b]maipahayag sa kanila,
anuman ang aking loobin, alin-
sunod sa kanilang pananampa-
lataya.
10 At katotohanan sinasabi ko
sa iyo na iyong isantabi muna
ang mga [a]bagay ng [b]daigdig na
ito, at [c]hangarin ang mga bagay
na mas mabuti.
11 At ipag-uutos din sa iyo, na
gumawa ng isang pagtitipon
ng mga banal na [a]himno, tulad
ng ibibigay sa iyo, na kalugud-
lugod para sa akin, upang ma-
gamit sa aking simbahan.
12 Sapagkat ang aking kalulu-
wa ay nagagalak sa [a]awitin ng
[b]puso; oo, ang awit ng mabubuti
ay isang panalangin sa akin, at
ito ay tutugunan ng pagpapala
sa kanilang mga ulo.
13 Dahil dito, pasiglahin ang
iyong puso at magalak, at tupa-
rin ang mga tipan na iyong gi-
nawa.
14 Magpatuloy sa diwa ng
[a]kaamuan, at mag-ingat sa [b]ka-
palaluan. Ang iyong kaluluwa
ay magalak sa iyong asawa, at
sa kaluwalhatian na mapapa-
sakanya.
15 Patuloy na sundin ang aking
mga kautusan, at isang [a]putong
ng [b]kabutihan ang iyong mata-
tanggap. At malibang gawin mo
ito, kung nasaan ako ay [c]hindi
ka makatutungo.
16 At katotohanan, katotoha-
nan, sinasabi ko sa iyo, na ito
ang aking [a]tinig sa lahat. Amen.

7*a* o itatalaga. GBK Pagtatalaga.
8*a* GBK Kamay, Pagpapatong ng mga.
9*a* GBK Tawag, Tinawag ng Diyos, Pagkakatawag; Propeta.
*b* GBK Propesiya, Pagpopropesiya; Paghahayag.
10*a* GBK Imbot; Kayamanan.
*b* GBK Kamunduhan.
*c* Eter 12:4.
11*a* GBK Himno.
12*a* 1 Cron. 16:9. GBK Awitin.
*b* GBK Puso.
14*a* GBK Maamo, Kaamuan.
*b* GBK Kapalaluan.
15*a* GBK Putong; Kadakilaan.
*b* GBK Matwid, Katwiran.
*c* Juan 7:34.
16*a* D at T 1:38.

## BAHAGI 26

*Paghahayag na ibinigay kina Joseph Smith, ang Propeta, Oliver Cowdery, at John Whitmer, sa Harmony, Pennsylvania, Hulyo 1830 (*History of the Church, *1:104). (Tingnan sa ulo ng bahagi 24.)*

*1, Sila ay tinagubilinan na pag-aralan ang mga banal na kasulatan at mangaral; 2, Ang batas ng pangkalahatang pagsang-ayon ay pinagtibay.*

1 MASDAN, sinasabi ko sa inyo na ilaan ninyo ang inyong panahon sa [a]pag-aaral ng mga banal na kasulatan, at sa pangangaral, at sa pagpapatibay ng simbahan sa [b]Colesville, at sa pagganap ng inyong mga gawain sa lupain, tulad ng kinakailangan, hanggang sa magtungo kayo sa kanluran upang magdaos ng susunod na pagpupulong; at pagkatapos ay ipaaalam sa inyo kung ano ang inyong gagawin.

2 At lahat ng bagay ay nararapat na gawin sa pamamagitan ng [a]pangkalahatang pagsang-ayon sa simbahan, sa pamamagitan ng labis na panalangin at pananampalataya, sapagkat lahat ng bagay ay inyong matatanggap sa pamamagitan ng pananampalataya. Amen.

## BAHAGI 27

*Paghahayag na ibinigay kay Joseph Smith, ang Propeta, sa Harmony, Pennsylvania, Agosto 1830 (*History of the Church, *1:106–108). Sa paghahanda para sa isang pagpupulong sa simbahan kung saan ang sakramento ng tinapay at alak ay pangangasiwaan, si Joseph ay umalis upang kumuha ng alak. Siya ay pinagpakitaan ng isang makalangit na sugo at tinanggap ang paghahayag na ito, ang isang bahagi nito ay isinulat sa panahong iyon at ang natirang bahagi noong sumunod na Setyembre. Sa ngayon ay tubig ang siyang ginagamit sa halip na alak sa mga ordenansa ng sakramento ng Simbahan.*

*1–4, Ang mga simbolong gagamitin sa sakramento ay ipinagbigay-alam; 5–14, Si Cristo at ang kanyang mga tagapaglingkod mula sa lahat ng dispensasyon ay tatanggap ng sakramento; 15–18, Isuot ang buong baluti ng Diyos;*

1 MAKINIG sa tinig ni Jesucristo, ang inyong Panginoon, inyong Diyos, at inyong Manunubos, na ang salita ay [a]mabisa at makapangyarihan.

2 Sapagkat, masdan, sinasabi ko sa inyo, na hindi mahalaga

**26** 1*a* GBK Banal na Kasulatan, Mga—Kahalagahan ng mga banal na kasulatan.
*b* D at T 24:3; 37:2.
2*a* 1 Sam. 8:7; Mos. 29:26. GBK Pangkalahatang Pagsang-ayon.
**27** 1*a* Hel. 3:29; D at T 6:2.

kung anuman ang inyong kai-
nin o kung anuman ang inyong
inumin kapag kayo ay tuma-
tanggap ng [a]sakramento, kung
ito ay gagawin ninyo na ang
mga mata ay nakatuon sa aking
[b]kaluwalhatian—inaalaala sa
Ama ang aking katawan na
aking inialay para sa inyo, at
ang aking [c]dugo na ibinuhos
para sa [d]kapatawaran ng inyong
mga kasalanan.
3 Dahil dito, isang kautusan
ang ibinibigay ko sa inyo, na
huwag kayong bumili ng alak
ni matapang na inumin ng in-
yong mga kaaway;
4 Dahil dito, hindi kayo kakain
ng anuman maliban kung ito ay
ginawang bago sa inyo; oo, sa
kahariang ito ng aking Ama na
itatayo sa mundo.
5 Masdan, ito ay karunu-
ngan sa akin; dahil dito, huwag
manggilalas, sapagkat dara-
ting ang oras na ako ay [a]iinom
ng bunga ng puno ng ubas na
kasama kayo sa mundo, at ka-
sama si [b]Moroni, na aking isi-
nugo sa inyo upang ipahayag
ang Aklat ni Mormon, na nag-
lalaman ng kabuuan ng aking
walang hanggang ebanghelyo,
kung kanino ko ipinagkatiwa-
la ang mga susi ng [c]talaan ni
Ephraim;
6 At gayon din si [a]Elias, kung
kanino ko ipinagkatiwala ang
mga susi upang maisakatupa-
ran ang pagpapanumbalik ng
lahat ng bagay na winika ng
bibig ng lahat ng banal na pro-
peta mula pa sa simula ng da-
igdig, hinggil sa mga huling
araw;
7 At gayon din si Juan na anak
ni Zacarias, si Zacarias na kan-
yang ([a]Elias) dinalaw at binig-
yan ng pangako na siya ay
magkakaroon ng isang anak na
lalaki, at ang kanyang magiging
pangalan ay [b]Juan, at siya ay
mapupuspos ng diwa ni Elias;
8 Si Juan na isinugo ko sa
inyo, aking mga tagapagling-
kod, Joseph Smith, Jun., at Oli-
ver Cowdery, upang ordenan
kayo sa unang [a]pagkasaserdo-
te na inyong tinanggap, upang
kayo ay matawag at [b]maorde-
nan maging tulad ni [c]Aaron;
9 At gayon din si [a]Elijah, kung
kanino ko ipinagkatiwala ang
mga susi ng kapangyarihan ng
[b]pagbabaling ng mga puso ng
mga ama sa mga anak, at ang
mga puso ng mga anak sa mga
ama, upang ang buong sangka-
tauhan ay hindi bagabagin ng
isang sumpa;
10 At gayon din sina Jose at Ja-
cob, at Isaac, at Abraham, na in-

2*a* GBK Sakramento.
*b* GBK Kaluwalhatian.
*c* GBK Dugo.
*d* GBK Kapatawaran ng mga Kasalanan.
5*a* Mat. 26:29; Mar. 14:25; Lu. 22:18.
*b* JS—K 1:30–34.
*c* Ez. 37:16. GBK Ephraim—Ang talaan ni Ephraim o Jose.
6*a* GBK Elias.
7*a* Lu. 1:17–19.
*b* Lu. 1:13; D at T 84:27–28.
8*a* D at T 13:1. GBK Pagkasaserdoteng Aaron.
*b* GBK Ordenan, Pag-oorden.
*c* Ex. 28:1–3, 41; D at T 107:13.
9*a* 1 Hari 17:1–22; 2 Hari 1–2; D at T 2:1–3; 110:13–16; JS—K 1:38–39. GBK Elijah; Talaangkanan.
*b* GBK Talaangkanan.

yong mga ninuno, kung kanino
ang mga [a]pangako ay nanatili;
11 At gayon din si Miguel, o
[a]Adan, ang ama ng lahat, ang
prinsipe ng lahat, ang matanda
ng mga araw;
12 At gayon din sina Pedro,
at Santiago, at Juan, na aking
isinugo sa inyo, kung kanino
ko kayo [a]pinaordenan at pinag-
tibay upang maging mga [b]apos-
tol, at mga natatanging [c]saksi
sa aking pangalan, at may tag-
lay ng mga susi ng inyong ga-
wain at ng mga gayon ding
bagay na aking ipinahayag sa
kanila;
13 Kung kanino ko [a]ipinagka-
tiwala ang mga [b]susi ng aking
kaharian, at [c]dispensasyon ng
[d]ebanghelyo para sa [e]huling pa-
nahon; at para sa [f]kaganapan ng
panahon, kung kailan ko sama-
samang titipunin sa [g]isa ang la-
hat ng bagay, maging ang mga
nasa langit, at ang mga nasa
lupa;
14 At gayon din silang lahat na
[a]ibinigay sa akin ng Ama mula
sa sanlibutan.
15 Dahil dito, pasiglahin ang
inyong mga puso at magalak, at
bigkisan ang inyong mga bala-
kang, at magsuot kayo ng aking
buong [a]baluti, upang inyong
mapaglabanan ang araw ng ka-
samaan, matapos na maisaga-
wa ang lahat, upang kayo ay
[b]makatindig.
16 Tumindig, samakatwid, na
ang inyong mga balakang ay
may [a]bigkis ng [b]katotohanan, na
may [c]baluti sa dibdib ng [d]kabu-
tihan, at ang inyong mga paa ay
may panyapak ng paghahanda
ng ebanghelyo ng [e]kapayapaan,
na ipinadala ko sa aking mga
[f]anghel upang ipagkatiwala sa
inyo;
17 Taglayin ninyo ang kalasag
ng pananampalataya at sa pa-
mamagitan nito ay masusubu-
han ninyo ang lahat ng [a]nag-
aapoy na sibat ng masama;
18 At taglayin ninyo ang tur-
bante ng kaligtasan, at ang espa-
da ng aking Espiritu, na aking
ibubuhos sa inyo, at ng aking
salita na aking ihahayag sa inyo,
at magsang-ayon sa nauukol sa
lahat ng bagay na hinihingi nin-
yo sa akin, at maging matapat
hanggang sa ako ay pumarito,
at kayo ay [a]dadalhin, na kung
saan ako naroon kayo ay paro-
roon [b]din. Amen.

10*a* GBK Tipang Abraham.
11*a* GBK Adan.
12*a* JS—K 1:72. GBK Pagkasaserdoteng Melquisedec.
*b* GBK Apostol.
*c* Gawa 1:8.
13*a* Mat. 16:19.
*b* GBK Susi ng Pagkasaserdote, Mga.
*c* GBK Dispensasyon.
*d* GBK Ebanghelyo.
*e* Jac. 5:71; D at T 43:28–30.
*f* Ef. 1:9–10; D at T 112:30; 124:41.
*g* D at T 84:100.
14*a* Juan 6:37; 17:9, 11; 3 Ne. 15:24; D at T 50:41–42; 84:63.
15*a* Rom. 13:12; Ef. 6:11–18.
*b* Mal. 3:2; D at T 87:8.
16*a* Is. 11:5.
*b* GBK Katotohanan.
*c* Is. 59:17.
*d* GBK Matwid, Katwiran.
*e* 2 Ne. 19:6.
*f* D at T 128:19–21.
17*a* 1 Ne. 15:24; D at T 3:8.
18*a* 1 Ne. 13:37; D at T 17:8.
*b* Juan 14:3.

## BAHAGI 28

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, kay Oliver Cowdery, sa Fayette, New York, Setyembre 1830 (*History of the Church, *1:109–111). Si Hiram Page, isang kasapi ng Simbahan, ay may isang bato at naghayag na nakatatanggap ng mga paghahayag sa tulong nito hinggil sa pagtatatag ng Sion at sa kaayusan ng Simbahan. Ilan sa kasapi ay nalinlang ng mga salaysay na ito, at maging si Oliver Cowdery ay nahikayat nito. Bago ang naitalagang pagpupulong, ang Propeta ay taimtim na nagtanong sa Panginoon hinggil sa bagay na ito, at ang paghahayag na ito ang sumunod.*

*1–7, Taglay ni Joseph Smith ang mga susi ng hiwaga, at siya lamang ang nakatatanggap ng mga paghahayag para sa Simbahan; 8–10, Si Oliver Cowdery ay mangangaral sa mga Lamanita; 11–16, Nilinlang ni Satanas si Hiram Page at binigyan siya ng mga maling paghahayag.*

MASDAN, sinasabi ko sa iyo, [a]Oliver, na ipagkakaloob sa iyo na ikaw ay maririnig ng simbahan sa lahat ng bagay anuman ang [b]ituturo mo sa kanila sa pamamagitan ng [c]Mang-aaliw, hinggil sa mga paghahayag at kautusan na aking ibinigay.

2 Subalit, masdan, katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa iyo, [a]walang sinuman ang itatalagang tatanggap ng mga kautusan at paghahayag sa simbahang ito maliban sa aking tagapaglingkod na si [b]Joseph Smith, Jun., sapagkat tinanggap niya ang mga yaon maging tulad ni Moises.

3 At ikaw ay maging masunurin sa mga bagay na ipagkakaloob ko sa kanya, maging katulad ni [a]Aaron, matapat na ipahayag ang mga kautusan at paghahayag, nang may kapangyarihan at [b]karapatan sa simbahan.

4 At kung ikaw ay papatnubayan sa anumang oras ng Mang-aaliw na [a]magsalita o magturo, o sa lahat ng oras sa pamamagitan ng kautusan sa simbahan, maaari mong gawin ito.

5 Subalit huwag kang susulat sa pamamaraan ng kautusan, kundi sa pamamagitan ng karunungan;

6 At huwag kang mag-uutos sa kanya na siya mong pinuno, at pinuno ng simbahan;

7 Sapagkat ipinagkaloob ko sa kanya ang mga [a]susi ng mga [b]hiwaga, at ang mga paghahayag na tinatakan, hanggang sa maitalaga ko sa kanila ang hahalili sa kanya.

8 At ngayon, masdan, sinasabi ko sa iyo na ikaw ay magtungo

**28** 1*a* D at T 20:3.
*b* GBK Turuan, Guro—Pagtuturo na may Espiritu.
*c* GBK Mang-aaliw.
2*a* D at T 35:17–18; 43:4.
*b* 2 Ne. 3:14–20. GBK Smith, Joseph, Jr.
3*a* GBK Aaron—Kapatid ni Moises.
*b* GBK Karapatan.
4*a* Ex. 4:12–16; D at T 24:5–6.
7*a* D at T 64:5; 84:19.
*b* GBK Hiwaga ng Diyos, Mga.

sa mga [a]Lamanita at mangaral ng aking [b]ebanghelyo sa kanila; at yayamang kanilang tinatanggap ang iyong mga turo ipangyari mong maitatag ang aking simbahan sa kanila; at ikaw ay makatatanggap ng mga paghahayag, subalit huwag mong isulat ang mga yaon sa pamamaraan ng kautusan.

9 At ngayon, masdan, sinasabi ko sa iyo na hindi inihayag, at walang taong nakababatid kung saan ang [a]lunsod ng [b]Sion ay itatayo, subalit ito ay ipagkakaloob pagkaraan nito. Masdan, sinasabi ko sa iyo na ito ay sa mga hangganan ng mga Lamanita.

10 Huwag kang lilisan sa pook na ito hanggang sa matapos ang pagpupulong; at ang aking tagapaglingkod na si Joseph ay itatakdang mamuno sa pagpupulong sa pamamagitan ng tinig nila, at kung ano ang sasabihin niya sa iyo ay iyong sasabihin.

11 At muli, ipagsama mo ang iyong kapatid, na si Hiram Page, [a]siya at ikaw lamang, sabihin sa kanya na ang mga bagay na yaon na kanyang isinulat mula sa bato ay hindi mula sa akin at si [b]Satanas ay [c]nilinlang siya;

12 Sapagkat, masdan, ang mga bagay na ito ay hindi itatakda sa kanya, ni alinmang bagay ay hindi itatakda kaninuman sa simbahang ito na taliwas sa mga tipan sa simbahan.

13 Sapagkat lahat ng bagay ay kailangang maisagawa nang may kaayusan, at sa pamamagitan ng [a]pangkalahatang pagsang-ayon sa simbahan, sa pamamagitan ng panalangin nang may pananampalataya.

14 At ikaw ay tutulong upang maisaayos ang lahat ng bagay na ito, alinsunod sa mga tipan sa simbahan, bago mo simulan ang iyong paglalakbay sa mga Lamanita.

15 At [a]ipagkakaloob sa iyo sa oras ng iyong paglisan, hanggang sa oras ng iyong pagbabalik, kung ano ang iyong gagawin.

16 At iyong kailangang buksan ang iyong bibig sa lahat ng panahon, nagpapahayag ng aking ebanghelyo nang may tunog ng kagalakan. Amen.

## BAHAGI 29

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa harapan ng anim na elder, sa Fayette, New York, Setyembre 1830 (*History of the Church, *1:111–115). Ang paghahayag na ito ay ibini-*

8*a* 2 Ne. 3:18–22; D at T 30:5–6; 32:1–3.
*b* D at T 3:19–20.
9*a* D at T 57:1–3.
*b* D at T 52:42–43. GBK Sion.
11*a* Mat. 18:15.
*b* Apoc. 20:10.
*c* D at T 43:5–7.
13*a* GBK Pangkalahatang Pagsang-ayon.
15*a* 2 Ne. 32:3, 5.

*gay ilang araw bago sumapit ang pagpupulong na nagsimula noong ika-26 ng Setyembre 1830.*

*1–8, Tinitipon ni Cristo ang kanyang mga pinili; 9–11, Ang kanyang pagparito ang magpapasimula ng Milenyo; 12–13, Ang Labindalawa ang hahatol sa buong Israel; 14–21, Mga palatandaan, salot, at kapanglawan ay mauuna sa Ikalawang Pagparito; 22–28, Ang huling pagkabuhay na maguli at ang huling paghuhukom ang susunod sa Milenyo; 29–35, Lahat ng bagay ay espirituwal sa Panginoon; 36–39, Ang diyablo at ang kanyang mga hukbo ay pinalayas sa langit upang tuksuhin ang tao; 40–45, Ang Pagkahulog at Pagbabayad-sala ay nagdadala ng kaligtasan; 46–50, Ang maliliit na bata ay tinubos sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala.*

MAKINIG sa tinig ni Jesucristo, ang inyong Manunubos, ang Dakilang [a]AKO NGA, na kung kaninong bisig ng [b]awa ay [c]nagbayad-sala para sa inyong mga kasalanan;

2 Na siyang [a]magtitipon sa kanyang mga tao maging tulad ng isang inahing manok na nagtitipon ng kanyang mga sisiw sa ilalim ng kanyang mga pakpak, maging kasindami ng makikinig sa aking tinig at [b]magpapakumbaba ng kanilang sarili sa harapan ko, at mananawagan sa akin sa taimtim na panalangin.

3 Masdan, katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, na sa oras na ito ang inyong mga kasalanan ay [a]pinatawad ko na, kaya nga tinatanggap ninyo ang mga bagay na ito; subalit tandaan na huwag nang muling magkasala, upang hindi kayo masuong sa panganib.

4 Katotohanan, sinasabi ko sa inyo na kayo ay pinili mula sa sanlibutan upang ipahayag ang aking ebanghelyo nang may tinig ng kagalakan, katulad ng [a]tunog ng isang pakakak.

5 Pasiglahin ang inyong mga puso at magalak, sapagkat ako ay nasa [a]gitna ninyo, at ako ang inyong [b]tagapamagitan sa Ama; at kanyang mabuting hangarin na ibigay sa inyo ang [c]kaharian.

6 At, katulad ng nasusulat— Anuman ang inyong [a]hihilingin nang may [b]pananampalataya, na [c]nagkakaisa sa panalangin alinsunod sa aking utos, kayo ay makatatanggap.

7 At kayo ay tinawag upang

**29** 1*a* GBK AKO.
*b* GBK Awa, Maawain.
*c* GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala.
2*a* Mat. 23:37; 3 Ne. 10:4–6.
*b* GBK Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba.
3*a* GBK Magpatawad.
4*a* Alma 29:1–2; D at T 19:37; 30:9.
5*a* Mat. 18:20; D at T 6:32; 38:7; 88:62–63.
*b* GBK Tagapamagitan.
*c* GBK Kaharian ng Diyos o Kaharian ng Langit.
6*a* Mat. 21:22; Juan 14:13.
*b* Mar. 11:24.
*c* 3 Ne. 27:1–2; D at T 84:1.

isakatuparan ang [a]pagtitipon ng aking mga [b]hinirang; sapagkat ang aking mga hinirang ay [c]naririnig ang aking tinig at hindi pinatitigas ang kanilang mga [d]puso;
8 Dahil dito ang utos ay lumabas mula sa Ama na sila ay [a]titipunin sa isang lugar sa ibabaw ng lupaing ito, upang [b]ihanda ang kanilang mga puso at maging handa sa lahat ng bagay laban sa araw kung kailan ang [c]pagdurusa at kapanglawan ay ipadadala sa masasama.
9 Sapagkat ang oras ay nalalapit na at ang araw ay sandali na lamang kung kailan ang mundo ay hinog na; at ang lahat ng [a]palalo at silang gumagawa ng masama ay magiging katulad ng [b]pinaggapasan; at akin silang [c]susunugin, wika ng Panginoon ng mga Hukbo, nang ang kasamaan ay mawala na sa mundo;
10 Sapagkat ang oras ay nalalapit na, at yaong [a]sinabi ng aking mga apostol ay matutupad; sapagkat tulad ng kanilang sinabi gayon din ang mangyayari;
11 Sapagkat aking ipakikita ang aking sarili mula sa langit sa kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian, kasama ang lahat ng [a]hukbo roon, at mananahanan sa [b]kabutihan kasama ng mga tao sa mundo ng [c]isanlibong taon, at ang masasama ay hindi makapananatili.
12 At muli, katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, at ito ay naipahayag na sa isang matibay na utos, sa kalooban ng Ama, na ang aking mga [a]apostol, ang Labindalawa na kasama ko sa aking ministeryo sa Jerusalem, ay tatayo sa aking kanang kamay sa araw ng aking pagparito sa isang haliging [b]apoy, na nadaramitan ng bata ng kabutihan, na may mga putong sa kanilang mga ulo, sa [c]kaluwalhatian maging katulad ko, upang [d]hatulan ang buong sambahayan ni Israel, maging kasindami ng nagmahal sa akin at sumunod sa aking mga kautusan, at wala nang iba.
13 Sapagkat isang [a]pakakak ang tutunog nang matagal at malakas, maging sa Bundok ng Sinai, at ang buong mundo ay mayayanig, at sila ay [b]magsisibangon—oo, maging ang mga

7*a* gbk Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
*b* Mar. 13:20; D at T 84:34. gbk Hinirang, Pagkakahirang.
*c* Alma 5:37–41.
*d* gbk Puso.
8*a* D at T 45:64–66; 57:1.
*b* D at T 58:6–9; 78:7.
*c* D at T 5:19; 43:17–27.
9*a* 2 Ne. 20:33; 3 Ne. 25:1. gbk Kapalaluan.
*b* Nah. 1:10; Mal. 4:1; 1 Ne. 22:15, 23; JS—K 1:37.
*c* D at T 45:57; 63:34, 54; 64:24; 88:94; 101:23–25; 133:64. gbk Mundo—Paglilinis ng mundo.
10*a* gbk Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
11*a* JS—M 1:37.
*b* gbk Matwid, Katwiran.
*c* gbk Jesucristo—Paghaharing milenyal ni Cristo; Milenyo.
12*a* gbk Apostol.
*b* Is. 66:15–16; D at T 130:7; 133:41.
*c* gbk Kaluwalhatian; Jesucristo—Kaluwalhatian ni Jesucristo.
*d* Mat. 19:28; Lu. 22:30; 1 Ne. 12:9; Morm. 3:18–19.
13*a* D at T 43:18; 45:45.
*b* D at T 76:50.

[c]patay na nangamatay sa akin,
upang tanggapin ang [d]putong
ng kabutihan, at upang mabihi-
san, maging [e]katulad ko, upang
makasama ko, nang kami ay
maging isa.

14 Subalit, masdan, sinasabi ko
sa inyo na bago dumating ang
dakilang [a]araw na ito ang [b]araw
ay magdidilim, at ang buwan ay
magkukulay dugo, at ang mga
bituin ay magsisibagsak mula sa
langit, at magkakaroon ng mga
kagila-gilalas na [c]palatandaan
sa langit sa itaas at sa lupa sa
ibaba;

15 At magkakaroon ng pagta-
ngis at [a]panaghoy sa maraming
tao;

16 At matinding [a]pag-ulan ng
yelo ang ipadadala upang wasa-
kin ang mga pananim ng lupa.

17 At ito ay mangyayari, dahil
sa kasamaan ng sanlibutan, na
ako ay [a]maghihiganti sa [b]ma-
sasama, sapagkat ayaw nilang
magsisi; sapagkat ang saro ng
aking pagkagalit ay puno na;
sapagkat masdan, ang aking
[c]dugo ay hindi makalilinis sa
kanila kung hindi nila ako pa-
kikinggan.

18 Dahil dito, ako, ang Pa-
nginoong Diyos ay magpapa-
dala ng mga langaw sa balat
ng lupa, na sasalakay sa mga
naninirahan doon, at kakainin
ang kanilang laman, at magi-
ging sanhi ng paglabas ng uod
sa kanila;

19 At ang kanilang mga dila
ay mapipigilan kaya hindi sila
[a]makapagsasalita laban sa akin;
at ang kanilang laman ay mahi-
hiwalay mula sa kanilang mga
buto, at ang kanilang mga mata
mula sa kanilang mga kinala-
lagyan;

20 At mangyayari na ang mga
[a]hayop ng kagubatan at ang
mga ibon sa himpapawid ay
lalamunin sila.

21 At ang makapangyarihan at
[a]karumal-dumal na simbahan,
na siyang [b]patutot ng buong
mundo, ay pababagsakin sa pa-
mamagitan ng [c]mapanupok na
apoy, alinsunod sa pagkakasabi
ng bibig ni Ezekiel, ang propeta,
na siyang nagsabi ng mga bagay
na ito, na hindi pa nangyayari
subalit [d]tiyak na mangyayari,
yayamang ako ay buhay, ang
mga kasamaan ay hindi ma-
nanaig.

22 At muli, katotohanan, ka-
totohanan, sinasabi ko sa inyo
na kapag ang [a]isanlibong taon

---

13*c* D at T 88:97; 133:56.
*d* GBK Putong; Kadakilaan.
*e* D at T 76:94–95; 84:35–39.
14*a* GBK Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
*b* Joel 2:10; JS—M 1:33.
*c* GBK Palatandaan ng Panahon, Mga.
15*a* Mat. 13:42.
16*a* Ez. 38:22; Apoc. 11:19; 16:21.
17*a* Apoc. 16:7–11; 2 Ne. 30:10; JS—M 1:53–55. GBK Paghihiganti.
*b* GBK Masama, Kasamaan.
*c* 1 Juan 1:7; Alma 11:40–41; D at T 19:16–18.
19*a* Zac. 14:12.
20*a* Is. 18:6; Ez. 39:17; Apoc. 19:17–18.
21*a* GBK Diyablo—Ang simbahan ng diyablo.
*b* Apoc. 19:2.
*c* Joel 1:19–20; 2:3; D at T 97:25–26. GBK Mundo—Paglilinis ng mundo.
*d* D at T 1:38.
22*a* GBK Milenyo.

ay natapos na, at ang mga tao
ay muling magsimulang mag-
tatwa sa kanilang Diyos, saka
ko ililigtas ang mundo subalit
sa [b]sandaling panahon lamang;
23 At ang [a]katapusan ay dara-
ting na, at ang langit at ang
lupa ay magugunaw at [b]lilipas
at magkakaroon ng [c]bagong la-
ngit at bagong lupa.
24 Sapagkat lahat ng lumang
bagay ay [a]lilipas, at lahat ng ba-
gay ay magiging bago, maging
ang langit at ang lupa, at ang
lahat ng kabuuan nito, maging
mga tao at hayop, mga ibon sa
himpapawid, at ang mga isda
sa karagatan;
25 At hindi mawawala kahit
isang [a]buhok, ni katiting, sapag-
kat ito ay gawa ng aking kamay.
26 Subalit, masdan, katotoha-
nang sinasabi ko sa inyo, bago
lumipas ang lupa, si [a]Miguel,
ang aking [b]arkanghel, ay mag-
papatunog ng kanyang [c]paka-
kak, at pagkatapos ang lahat ng
patay ay [d]gigising, sapagkat ang
kanilang mga libingan ay mabu-
buksan, at sila ay [e]magsisiba-
ngon—oo, maging silang lahat.
27 At ang [a]mabubuti ay matiti-
pon sa aking [b]kanang kamay tu-
ngo sa buhay na walang hang-
gan; at ang masasama sa aking
kaliwang kamay ay aking ikahi-
hiyang ariin sa harapan ng Ama;
28 Dahil dito sasabihin ko sa
kanila—[a]Lumayo kayo sa akin,
kayong mga isinumpa, tungo sa
walang hanggang [b]apoy, na ini-
handa para sa [c]diyablo at sa
kanyang mga anghel.
29 At ngayon, masdan, sina-
sabi ko sa inyo, hindi ko kailan-
man ipinahayag mula sa sarili
kong bibig na sila ay makaba-
balik, sapagkat kung [a]nasaan
ako hindi sila makaparoroon,
sapagkat wala silang kapang-
yarihan.
30 Subalit tandaan na ang lahat
ng aking kahatulan ay hindi ibi-
nigay sa mga tao; at yamang ang
mga salita ay namutawi mula
sa aking bibig ang gayon din ay
matutupad, na ang [a]una ay ma-
giging huli at ang huli ay mau-
una sa lahat ng bagay anuman
ang aking nilikha sa pamama-
gitan ng salita ng aking kapang-
yarihan, na kapangyarihan ng
aking Espiritu.
31 Sapagkat sa pamamagitan
ng kapangyarihan ng aking Es-
piritu [a]nilikha ko ang mga ito,
oo, lahat ng bagay kapwa [b]espi-
rituwal at temporal—

22*b* Apoc. 20:3; D at T 43:30–31; 88:110–111.
23*a* Mat. 24:14. GBK Daigdig—Katapusan ng daigdig.
*b* Mat. 24:35; JS—M 1:35.
*c* GBK Mundo—Huling kalagayan ng mundo.
24*a* Apoc. 21:1–4.
25*a* Alma 40:23.
26*a* GBK Adan; Miguel.
*b* GBK Arkanghel.
*c* 1 Cor. 15:52–55.
*d* GBK Kawalang-kamatayan, Walang Kamatayan; Pagkabuhay na Mag-uli.
*e* Juan 5:28–29.
27*a* GBK Matwid, Katwiran.
*b* Mat. 25:33. GBK Paghuhukom, Ang Huling.
28*a* Mat. 25:41; D at T 29:41.
*b* D at T 43:33.
*c* GBK Diyablo.
29*a* Juan 7:34; D at T 76:112.
30*a* Mat. 19:30; 1 Ne. 13:42.
31*a* GBK Likha, Paglikha.
*b* Moi. 3:4–5.

32 Una ay [a]espirituwal, pangalawa ay temporal, na siyang simula ng aking gawain; at muli, una ay temporal, at pangalawa ay espirituwal, na siyang katapusan ng aking gawain—

33 Sinasabi ko sa inyo upang inyong likas na maunawaan; subalit sa aking sarili ang aking gawain ay walang [a]katapusan, ni simula; subalit ito ay ibinigay sa inyo upang inyong maunawaan, sapagkat inyong hiniling ito sa akin at sang-ayon.

34 Dahil dito, katotohanang sinasabi ko sa inyo na ang lahat ng bagay sa akin ay espirituwal, at hindi kailanman ako nagbigay ng batas sa inyo na temporal; ni kanino mang tao, ni sa mga anak ng tao; ni kay Adan, na inyong ama, na aking nilikha.

35 Masdan, ibinigay ko sa kanya na siya ay maging [a]kinatawan ng kanyang sarili; at ibinigay ko sa kanya ang kautusan, subalit walang temporal na kautusan akong ibinigay sa kanya, sapagkat ang aking mga [b]kautusan ay espirituwal; hindi sila likas o temporal, ni makamundo ni mahalay.

36 At ito ay nangyari na si Adan, na natukso ng diyablo—sapagkat, masdan, ang [a]diyablo ay una pa kay Adan, sapagkat siya ay [b]naghimagsik laban sa akin, nagsasabing, Ibigay mo sa akin ang iyong [c]karangalan, na siyang aking [d]kapangyarihan; at gayon din ang [e]ikatlong bahagi ng [f]hukbo ng langit ay inilayo niya sa akin dahil sa kanilang [g]kalayaang pumili;

37 At sila ay itinapon, at doon nagkaroon ng [a]diyablo at ang kanyang mga [b]anghel;

38 At, masdan, may isang lugar na inihanda para sa kanila mula sa simula, kung aling lugar ay [a]impiyerno.

39 At talagang kinakailangan na ang diyablo ay [a]tuksuhin ang mga anak ng tao, o hindi sila magiging kinatawan sa kanilang sarili; sapagkat kung hindi nila kailanman natikman ang [b]mapait hindi nila malalaman ang matamis—

40 Dahil dito, ito ay nangyari na tinukso ng diyablo si Adan, at kinain niya ang ipinagbabawal na [a]prutas at lumabag sa kautusan, kung saan siya ay [b]napasailalim sa kalooban ng diyablo, dahil siya ay nagpadala sa tukso.

41 Dahil dito, ako, ang Panginoong Diyos, ay pinapang-

32*a* GBK Espiritung Paglikha.
33*a* Awit 111:7–8; Moi. 1:4.
35*a* GBK Kalayaang Mamili.
*b* GBK Kautusan ng Diyos, Mga.
36*a* D at T 76:25–26; Moi. 4:1–4.
*b* GBK Kapulungan sa Langit.
*c* GBK Karangalan.
*d* Is. 14:12–14; D at T 76:28–29.
*e* Apoc. 12:3–4.
*f* D at T 38:1; 45:1. GBK Buhay Bago pa ang Buhay na Ito.
*g* GBK Kalayaang Mamili.
37*a* GBK Diyablo.
*b* 2 Ped. 2:4; Jud. 1:6; Moi. 7:26. GBK Anghel, Mga.
38*a* GBK Impiyerno.
39*a* Moi. 4:3–4. GBK Tukso, Panunukso.
*b* Moi. 6:55.
40*a* Gen. 3:6; Moi. 4:7–13.
*b* 2 Ne. 10:24; Mos. 16:3–5; Alma 5:41–42.

yari na siya ay [a]palayasin sa
Halamanan ng [b]Eden, mula sa
aking harapan, dahil sa kanyang
paglabag, kung saan siya ay [c]es-
pirituwal na namatay, na siyang
unang kamatayan, maging ya-
ong kamatayan na siyang hu-
ling [d]kamatayan, na espirituwal,
na siyang igagawad sa masasa-
ma kapag aking sinabi na: Lu-
mayas kayo, kayong mga [e]isi-
numpa.
42 Subalit, masdan, sinasabi ko
sa inyo na ako, ang Panginoong
Diyos, ay itinulot kay Adan at sa
kanyang mga binhi, na sila ay
hindi [a]mamamatay sa temporal
na kamatayan, hanggang sa ako,
ang Panginoong Diyos, ay mag-
padala ng mga [b]anghel upang
ipahayag sa kanila ang [c]pagsi-
sisi at [d]pagtubos, sa pamamagi-
tan ng pananampalataya sa pa-
ngalan ng aking [e]Bugtong na
Anak.
43 At yaon ay aking ginawa,
ang Panginoong Diyos, nagtak-
da sa tao ng mga araw ng kan-
yang [a]pagsubok—na sa kan-
yang likas na kamatayan siya
ay [b]maibangon sa [c]kawalang-
kamatayan tungo sa buhay na
[d]walang hanggan, maging ka-
sindami ng maniniwala;
44 At sila na hindi maniniwa-
la tungo sa walang hanggang
[a]kaparusahan; sapagkat sila ay
hindi matutubos sa kanilang
espirituwal na pagbagsak, da-
hil sila ay hindi nagsisi;
45 Sapagkat mahal nila ang ka-
diliman kaysa sa liwanag, at ang
kanilang mga [a]gawa ay masasa-
ma, at tatanggapin nila ang ka-
nilang [b]gantimpala mula sa kan-
ya na kanilang piniling sundin.
46 Subalit masdan, sinasabi ko
sa inyo, na ang maliliit na [a]bata
ay [b]tinubos mula pa sa pagkaka-
tatag ng daigdig sa pamamagi-
tan ng aking Bugtong na Anak;
47 Dahil dito, hindi sila mag-
kakasala, sapagkat ang kapang-
yarihan ay hindi ibinigay kay
Satanas upang [a]tuksuhin ang
maliliit na bata, hanggang sa sila
ay magsimulang magkaroon ng
[b]pananagutan sa akin;
48 Sapagkat ibinigay sa kani-
la maging ang kalooban ko,
alinsunod sa sarili kong kagus-
tuhan, upang kagila-gilalas na
mga gawa ang hingin sa kamay
ng kanilang mga [a]ama.

41*a* GBK Pagkahulog nina Adan at Eva.
*b* GBK Eden.
*c* GBK Kamatayan, Espirituwal na.
*d* Alma 40:26.
*e* D at T 29:27–28; 76:31–39.
42*a* 2 Ne. 2:21. GBK Kamatayan, Pisikal na.
*b* Alma 12:28–30.
*c* GBK Magsisi, Pagsisisi.
*d* GBK Tubos, Tinubos, Pagtubos.
*e* Moi. 5:6–8.
43*a* Alma 12:24; 42:10.
*b* GBK Pagkabuhay na Mag-uli.
*c* Moi. 1:39. GBK Kawalang-kamatayan, Walang Kamatayan.
*d* GBK Buhay na Walang Hanggan.
44*a* D at T 19:7–12. GBK Kapahamakan.
45*a* Juan 3:18–20; D at T 93:31–32.
*b* Mos. 2:32–33; Alma 3:26–27; 5:41–42; 30:60.
46*a* Moro. 8:8, 12; D at T 93:38. GBK Bata, Mga Bata.
*b* D at T 74:7. GBK Tubos, Tinubos, Pagtubos.
47*a* GBK Tukso, Panunukso.
*b* GBK Mananagot, Pananagutan, May Pananagutan.
48*a* D at T 68:25.

49 At, muli, sinasabi ko sa inyo,
na sinuman ang may kaalaman,
hindi ko ba inuutusang magsisi?
50 At siya na walang [a]pang-
unawa, pananagutan kong ga-
win ang alinsunod sa nasusu-
lat. At ngayon wala na akong
ipahahayag sa inyo sa oras na
ito. Amen.

## BAHAGI 30

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, kina David Whitmer, Peter Whitmer, Jr., at John Whitmer, sa Fayette, New York, Setyembre 1830, pagkatapos ng tatlong araw na pagpupulong sa Fayette, subalit bago naghiwa-hiwalay ang mga elder ng Simbahan (*History of the Church, *1:115–116). Sa simula ang bahaging ito ay nalathala bilang tatlong paghahayag; ang mga ito ay pinagsama sa iisang bahagi ng Propeta para sa edisyon noong 1835 ng Doktrina at mga Tipan.*

*1–4, Si David Whitmer ay kinagalitan dahil sa hindi paglilingkod nang masigasig; 5–8, Sasamahan ni Peter Whitmer, Jr., si Oliver Cowdery sa isang misyon sa mga Lamanita, 9–11, Si John Whitmer ay tinawag na mangaral ng ebanghelyo.*

MASDAN, sinasabi ko sa
iyo, [a]David, na iyong [b]ki-
natakutan ang tao at hindi ka
[c]umasa sa akin para sa lakas na
dapat mong ginawa.
2 Subalit ang iyong isip ay
nakatuon sa mga bagay ng
[a]mundo kaysa sa mga bagay
na para sa akin, na iyong
Maykapal, at sa paglilingkod kung saan ka tinawag; at
ikaw ay hindi tumalima sa
aking Espiritu, at sa mga ya-
ong itinalagang mamuno sa
iyo, sa halip ikaw ay nahi-
kayat ng mga yaong hindi ko
inutusan.
3 Dahil dito, ikaw ay iniwan
upang magtanong para sa iyong
sarili sa aking kamay, at [a]pagbu-
lay-bulayin ang mga bagay na
iyong natamo.
4 At ang iyong magiging taha-
nan ay sa bahay ng iyong ama,
hanggang sa magbigay ako sa
iyo ng mga karagdagang kautu-
san. At pangangasiwaan mo ang
iyong [a]ministeryo sa simbahan,
at sa sangkatauhan, at sa lahat
ng dako. Amen.
5 Masdan, sinasabi ko sa iyo,
[a]Peter, na ikaw ay [b]maglalak-
bay na kasama ang iyong kapa-
tid na si Oliver; sapagkat duma-
ting na ang [c]panahon na inaaka-
la kong kinakailangan ka nang
magbukas ng iyong bibig upang
ipahayag ang aking ebanghelyo;
kaya, huwag matakot, kundi

50*a* D at T 137:7–10.
GBK Pagkaunawa.
**30** 1*a* GBK Whitmer, David.
*b* Gawa 5:29.
*c* 2 Cron. 16:7–9.
2*a* D at T 25:10.
3*a* GBK Pagbulay-bulay.
4*a* GBK Mangasiwa; Paglilingkod.
5*a* GBK Whitmer, Peter, Jr.
*b* D at T 32:1–3.
*c* D at T 11:15.

[d]tumalima sa mga salita at payo ng iyong kapatid, na kanyang ibibigay sa iyo.
6 At kung ikaw man ay maghirap sa lahat ng kanyang paghihirap, sa tuwina ay ibaling mo ang iyong puso sa akin sa panalangin at pananampalataya, para sa kanya at sa iyong kaligtasan; sapagkat aking ipinagkaloob sa kanya ang kapangyarihang itatag ang aking [a]simbahan sa mga [b]Lamanita.
7 At walang sinuman akong itinalaga na [a]kanyang maging tagapayo sa simbahan, hinggil sa mga bagay na nauukol sa simbahan, maliban sa kanyang kapatid, na si Joseph Smith, Jun.
8 Samakatwid, sundin ang mga bagay na ito at maging masigasig sa pagsunod sa aking mga kautusan, at ikaw ay pagpapalain hanggang sa buhay na walang hanggan. Amen.
9 Masdan, sinasabi ko sa iyo, aking tagapaglingkod na John, na ikaw ay magsimula mula sa oras na ito na [a]ipahayag ang aking ebanghelyo, gaya ng [b]tunog ng isang pakakak.
10 At ang iyong gawain ay sa iyong kapatid na si Philip Burroughs, at sa dakong yaon, oo, saan ka man maaaring marinig, hanggang sa iutos ko sa iyong lisanin ang lugar na iyon.
11 At ang lahat ng iyong gawain ay sa Sion, ng buo mong kaluluwa, magmula ngayon; oo, ikaw sa tuwina ay magbubukas ng iyong bibig alang-alang sa aking gawain, hindi [a]kinatatakutan kung anuman ang magagawa ng [b]tao, sapagkat ako ay [c]kasama mo. Amen.

## BAHAGI 31

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, kay Thomas B. Marsh, Setyembre 1830 (*History of the Church, *1:115–117). Ang pangyayari ay naganap kasunod ng isang pagpupulong ng Simbahan (tingnan ang ulo ng bahagi 30). Si Thomas B. Marsh ay nabinyagan sa mga unang araw ng buwang yaon, at naordenang elder ng Simbahan bago naibigay ang paghahayag na ito.*

*1–6, Si Thomas B. Marsh ay tinawag na mangaral ng ebanghelyo at tiniyak ang katiwasayan ng kanyang mag-anak; 7–13, Siya ay pinayuhang maging mapagtiis, manalangin tuwina, at sundin ang Mang-aaliw.*

[a]THOMAS, aking anak, pinagpala ka dahil sa iyong

5*d* GBK Payo; Pagtataguyod sa mga Pinuno ng Simbahan.
6*a* GBK Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Ang.
*b* D at T 3:20; 49:24. GBK Lamanita, Mga.
7*a* D at T 20:2–3.
9*a* D at T 15:6.
*b* D at T 33:2.
11*a* GBK Tapang, Matapang; Takot.
*b* Is. 51:7.
*c* Mat. 28:19–20.
**31** 1*a* GBK Marsh, Thomas B.

pananampalataya sa aking gawain.
2 Masdan, ikaw ay dumanas na ng maraming pagdurusa dahil sa iyong mag-anak; gayunman, pagpapalain kita at ang iyong mag-anak, oo, ang iyong mga maliliit; at darating ang araw na sila ay maniniwala at malalaman ang katotohanan at makikiisa sa iyo sa aking simbahan.
3 Pasiglahin ang iyong puso at magalak, sapagkat ang oras ng iyong misyon ay dumating na; at ang iyong dila ay kakalagan, at iyong ipahahayag ang [a]mabubuting balita ng dakilang kagalakan sa salinlahing ito.
4 At iyong [a]ipahahayag ang mga bagay na ipinahayag sa aking tagapaglingkod, na si Joseph Smith, Jun. Ikaw ay magsisimulang mangaral mula sa araw na ito, oo, ang gumapas sa [b]puti nang bukid na handa na upang sunugin.
5 Kaya nga, [a]hawakan ang iyong panggapas nang buo mong kaluluwa, at ang iyong mga kasalanan ay [b]patatawarin, at ikaw ay makapapapasan ng [c]bungkos sa iyong likod, sapagkat ang [d]manggagawa ay karapat-dapat sa kanyang upa. Dahil dito, ang iyong mag-anak ay mabubuhay.
6 Masdan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, lumisan ka sa kanila ng kaunting panahon lamang, at ipahayag ang aking salita, at ako ay maghahanda ng isang lugar para sa kanila.
7 Oo, aking [a]bubuksan ang mga puso ng mga tao, at tatanggapin ka nila. At ako ay magtatatag ng simbahan sa pamamagitan ng iyong kamay;
8 At [a]palalakasin mo sila at ihahanda sila laban sa panahon kung kailan sila ay titipunin.
9 Maging [a]mapagtiis sa mga [b]pagdurusa, huwag manlait sa mga yaong nanlalait. Pamahalaan ang iyong [c]kasambahay sa kaamuan, at maging matatag.
10 Masdan, sinasabi ko sa iyo na ikaw ay magiging isang manggagamot sa simbahan, subalit hindi sa sangkatauhan, sapagkat hindi ka nila tatanggapin.
11 Humayo ka kung saan ko man naisin, at ipahahayag sa iyo ng [a]Mang-aaliw kung ano ang iyong gagawin at kung saan ka magtutungo.
12 [a]Manalangin tuwina, upang hindi ka [b]matukso at mawala ang iyong gantimpala.
13 Maging [a]matapat hanggang sa katapusan, at masdan, ako ay [b]kasama mo. Ang mga salitang ito ay hindi sa tao ni sa

3*a* Is. 52:7; Lu. 2:10–11; Mos. 3:3–5.
4*a* Mos. 18:19; D at T 42:12; 52:36.
*b* D at T 4:4–6.
5*a* Apoc. 14:15.
*b* GBK Magpatawad.
*c* D at T 79:3.
*d* Lu. 10:3–11; D at T 75:24.
7*a* GBK Pagbabalik-loob, Nagbalik-loob.
8*a* D at T 81:5; 108:7.
9*a* GBK Tiyaga.
*b* GBK Pagdurusa.
*c* GBK Mag-anak—Mga tungkulin ng mga magulang.
11*a* GBK Mang-aaliw; Espiritu Santo.
12*a* 3 Ne. 18:17–21. GBK Panalangin.
*b* GBK Tukso, Panunukso.
13*a* GBK Makapagtiis.
*b* Mat. 28:20.

mga tao, kundi sa akin, maging si Jesucristo, ang iyong Manunubos, sa [c]kalooban ng Ama. Amen.

## BAHAGI 32

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, kina Parley P. Pratt at Ziba Peterson, Oktubre 1830 (*History of the Church, *1:118–120). Malaking pagmamalasakit at hangarin ang nadama ng mga elder tungkol sa mga Lamanita, na kung kaninong mga hinulaang pagpapala ay nalaman ng Simbahan mula sa Aklat ni Mormon. Bunga nito, ang pananalangin ay ginawa upang ipaalam ng Panginoon ang kanyang kalooban kung nararapat nang ipadala ang mga elder sa panahong yaon sa lipi ng mga Indiyan sa Kanluran. Ang paghahayag ay sumunod.*

*1–3, Sina Parley P. Pratt at Ziba Peterson ay tinawag na mangaral sa mga Lamanita at samahan sina Oliver Cowdery at Peter Whitmer, Jr.; 4–5, Sila ay kailangang manalangin sa ikauunawa ng mga banal na kasulatan.*

AT ngayon hinggil sa aking tagapaglingkod na si [a]Parley P. Pratt, masdan, sinasabi ko sa kanya na yamang ako ay buhay nais kong kanyang ipangaral ang aking ebanghelyo at [b]matuto ukol sa akin, at maging maamo at mapagpakumbaba ang puso.

2 At yaong aking itinakda sa kanya ay yaong [a]samahan niya ang aking tagapaglingkod, na sina Oliver Cowdery at Peter Whitmer, Jun., sa ilang sa mga [b]Lamanita.

3 At si [a]Ziba Peterson ay sasama rin sa kanila; at ako ay sasama sa kanila at [b]pasasagitna nila; at ako ang kanilang [c]tagapamagitan sa Ama, at walang makapananaig laban sa kanila.

4 At sila ay [a]tatalima sa yaong nasusulat, at huwag magpanggap ng iba pang [b]paghahayag; at sila ay mananalangin tuwina upang aking [c]mailahad ang gayon din sa kanilang [d]pangunawa.

5 At sila ay tatalima sa mga salitang ito at huwag ipagwalang-bahala ito, at akin silang pagpapalain. Amen.

## BAHAGI 33

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, kina Ezra Thayre at Northrop Sweet, sa Fayette, New York, Oktubre 1830 (*History of the Church, *1:126–127). Sa pagtatala ng paghaha-*

11*c* GBK Jesucristo—Kapangyarihan.
**32** 1*a* GBK Pratt, Parley Parker.
*b* Mat. 11:28–30.
2*a* D at T 28:8; 30:5.
*b* D at T 3:18–20.
3*a* D at T 58:60.
*b* Mat. 18:20; D at T 6:32; 38:7.
*c* GBK Tagapamagitan.
4*a* 1 Ne. 15:25; D at T 84:43–44.
*b* D at T 28:2.
*c* JS—K 1:74.
*d* GBK Pagkaunawa.

*yag na ito, pinatotohanan ng Propeta na "ang Panginoon ay laging handang turuan ang yaong masisigasig na naghahangad ng kaalaman nang may pananampalataya" (*History of the Church, *1:126).*

*1–4, Ang mga manggagawa ay tinawag na magpahayag ng ebanghelyo sa ikalabing-isang oras; 5–6, Ang Simbahan ay itinatag, at ang mga hinirang ay titipunin; 7–10, Magsisi, sapagkat ang kaharian ng langit ay nalalapit na; 11–15, Ang Simbahan ay itinayo sa bato ng ebanghelyo; 16–18, Maghanda para sa pagparito ng Kasintahang lalaki.*

MASDAN, sinasabi ko sa
inyo, aking mga taga-
paglingkod na Ezra at Nor-
throp, buksan ang inyong mga
tainga at makinig sa tinig
ng Panginoon ninyong Diyos,
kung kaninong [a]salita ay bu-
hay at makapangyarihan, mas
matalas pa kaysa espadang
may dalawang talim, sa pag-
hahati ng mga kasu-kasuan
at ng utak sa buto, kaluluwa
at espiritu; at taga-unawa ng
mga saloobin at [b]layunin ng
puso.
2 Sapagkat katotohanan, kato-
tohanan, sinasabi ko sa inyo na
kayo ay tinawag upang itaas
ang inyong mga tinig tulad ng
[a]tunog ng pakakak, upang ipa-
hayag ang ebanghelyo sa liko
at balakyot na salinlahi.
3 Sapagkat masdan, ang [a]bu-
kid ay puti na upang anihin; at
ito na ang [b]ikalabing-isang oras,
at ang [c]huling pagkakataong ako
ay tatawag ng mga manggaga-
wa sa aking ubasan.
4 At ang aking [a]ubasan ay lu-
busang [b]nabulok; at wala nang
gumagawa ng [c]kabutihan mali-
ban sa iilan; at sila ay [d]nag-
kamali sa maraming pagkaka-
taon dahil sa mga [e]huwad na
pagkasaserdote, lahat ay may
masamang pag-iisip.
5 At katotohanan, katotoha-
nan, sinasabi ko sa inyo, na ang
[a]simbahang ito ay aking [b]itina-
tag at tinawag mula sa ilang.
6 At sa gayon ko [a]titipunin ang
aking hinirang mula sa [b]apat na
sulok ng mundo, maging kasin-
dami ng maniniwala sa akin, at
makikinig sa aking tinig.
7 Oo, katotohanan, katotoha-
nan, sinasabi ko sa inyo, na ang
bukid ay puti na upang anihin;
kaya nga, humawak sa inyong
panggapas, at maggapas nang
buo ninyong kakayahan, pag-
iisip, at lakas.

**33** 1*a* Heb. 4:12; Hel. 3:29–30.
*b* Alma 18:32; D at T 6:16.
2*a* Is. 58:1.
3*a* Juan 4:35; D at T 4:4; 12:3; 14:3.
*b* Mat. 20:1–16.
*c* Jac. 5:71; D at T 43:28.
4*a* GBK Ubasan ng Panginoon.
*b* 2 Ne. 28:2–14; Morm. 8:28–41.
*c* Rom. 3:12; D at T 35:12.
*d* 2 Ne. 28:14.
*e* GBK Huwad na Pagkasaserdote.
5*a* GBK Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Ang.
*b* GBK Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo.
6*a* GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
*b* 1 Ne. 19:15–17.

8 [a]Ibuka ang inyong mga bibig
at ang mga ito ay mapupuno, at
kayo ay matutulad maging kay
[b]Nephi noong sinauna, na nag-
lakbay mula sa Jerusalem patu-
ngong ilang.
9 Oo, ibuka ang inyong mga bi-
big at huwag mangimi, at kayo
ay makapagdadala ng [a]bungkos
sa inyong mga likod, sapagkat
narito, ako ay kasama ninyo.
10 Oo, ibuka ang inyong mga
bibig at ang mga ito ay mapupu-
no, nagsasabing: Magsisi, [a]mag-
sisi, at ihanda ninyo ang daan ng
Panginoon, at tuwirin ang kan-
yang landas; sapagkat ang ka-
harian ng langit ay nalalapit na;
11 Oo, magsisi at [a]magpabin-
yag, bawat isa sa inyo, para sa
kapatawaran ng inyong mga ka-
salanan; oo, magpabinyag ma-
ging sa pamamagitan ng tubig,
at pagkatapos ay sasapit ang
pagbibinyag ng apoy at ng Es-
piritu Santo.
12 Masdan, katotohanan, ka-
totohanan, sinasabi ko sa inyo,
ito ang aking [a]ebanghelyo; at
tandaan na sila ay kailangang
magkaroon ng pananampala-
taya sa akin o hindi sila mali-
ligtas;
13 At sa ibabaw ng [a]batong ito
itatayo ko ang aking simbahan;
oo, sa ibabaw ng batong ito kayo
ay itinatag, at kung kayo ay
magpapatuloy, ang mga [b]pin-
tuan ng impiyerno ay hindi ma-
nanaig laban sa inyo.
14 At inyong aalalahanin ang
mga [a]saligan ng simbahan at ti-
pan upang tuparin ang mga ito.
15 At sinuman ang may pana-
nampalataya ay [a]papagtibayin
ninyo sa aking simbahan, sa
pamamagitan ng pagpapatong
ng mga [b]kamay, at aking ipag-
kakaloob ang [c]kaloob na Espi-
ritu Santo sa kanila.
16 At ang Aklat ni Mormon at
ang mga banal na [a]kasulatan ay
ibinigay ko para sa inyong [b]ika-
tututo; at ang kapangyarihan ng
aking Espiritu ay [c]nagbibigay-
buhay sa lahat ng bagay.
17 Dahil dito, maging mata-
pat, nananalangin tuwina, tag-
lay ang inyong mga ilawan na
tinabasan at nagniningas, at may
langis na dala kayo, upang kayo
ay maging handa sa pagparito
ng [a]Kasintahang lalaki—
18 Sapagkat masdan, kato-
tohanan, katotohanan, sinasabi
ko sa inyo, na ako ay madaling
[a]paparito. Maging gayon nga.
Amen.

8*a* D at T 88:81.
*b* 2 Ne. 1:26–28.
9*a* Awit 126:6; Alma 26:3–5; D at T 75:5.
10*a* Mat. 3:1–3.
11*a* gbk Pagbibinyag, Binyagan.
12*a* 3 Ne. 27:13–22.
13*a* gbk Bato.
*b* Mat. 16:16–19; D at T 10:69–70.
14*a* Tumutukoy sa mga bahagi 20–22; D at T 42:13.
15*a* D at T 20:41.
*b* gbk Kamay, Pagpapatong ng mga.
*c* gbk Kaloob na Espiritu Santo.
16*a* gbk Banal na Kasulatan, Mga.
*b* 2 Tim. 3:16.
*c* Juan 6:63.
17*a* Mat. 25:1–13. gbk Kasintahang Lalaki.
18*a* Apoc. 22:20. gbk Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.

## BAHAGI 34

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, kay Orson Pratt, sa Fayette, New York, ika-4 ng Nobyembre 1830 (*History of the Church, *1:127–128). Si kapatid na Pratt ay labinsiyam na taong gulang noong mga panahong iyon. Siya ay nagbalik-loob at nabinyagan nang una niyang marinig ang pangaral ng pinanumbalik na ebanghelyo sa pamamagitan ng kanyang nakatatandang kapatid, na si Parley P. Pratt, anim na linggo ang nakaraan. Ang paghahayag na ito ay natanggap sa tahanan ni Peter Whitmer, Sr.*

*1–4, Ang matapat ay naging mga anak ng Diyos sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala; 5–9, Ang pangangaral ng ebanghelyo ang naghahanda ng daan para sa Ikalawang Pagparito; 10–12, Ang propesiya ay dumarating sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.*

AKING anak na [a]Orson, pakinggan at makinig at masdan kung ano ang akin, na Panginoong Diyos, ay sasabihin sa iyo, maging si Jesucristo na iyong Manunubos;

2 Ang [a]ilaw at ang buhay ng sanlibutan, isang ilaw na nagliliwanag sa kadiliman at ang kadiliman ay hindi ito nauunawaan;

3 Gayon na lamang ang [a]pagsinta niya sa sanlibutan na [b]ibinigay [c]niya ang sariling buhay, na kasindami ng mga naniniwala ay magiging mga [d]anak ng Diyos. Dahil dito ikaw ay aking anak;

4 At [a]pinagpala ka dahil ikaw ay naniwala;

5 At lalo kang pinagpala dahil ikaw ay [a]tinawag ko na mangaral ng aking ebanghelyo—

6 Na itaas ang iyong tinig tulad ng tunog ng pakakak, na matagal at malakas, at [a]mangaral ng pagsisisi sa liko at balakyot na salinlahi, inihahanda ang daan ng Panginoon para sa kanyang ikalawang [b]pagparito.

7 Sapagkat masdan, katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa iyo, ang [a]panahon ay nalalapit na at ako ay paparito sa isang [b]alapaap nang may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian.

8 At ito ay magiging isang [a]dakilang araw sa panahon ng aking pagparito, sapagkat ang lahat ng bansa ay [b]manginginig.

**34** 1*a* GBK Pratt, Orson.
2*a* Juan 1:1–5. GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo.
3*a* Juan 3:16; 15:13. GBK Pagmamahal.
*b* GBK Manunubos.
*c* GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala; Tubos, Tinubos, Pagtubos.
*d* Juan 1:9–12; Rom. 8:14, 16–17; Moi. 6:64–68. GBK Anak na Lalaki at Babae ng Diyos, Mga.
4*a* Juan 20:29.
5*a* GBK Tawag, Tinawag ng Diyos, Pagkakatawag.
6*a* D at T 6:9.
*b* GBK Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
7*a* Apoc. 1:3.
*b* Lu. 21:27.
8*a* Joel 2:11; Mal. 4:5; D at T 43:17–26. GBK Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
*b* Is. 64:2.

9 Subalit bago dumating ang dakilang araw na yaon, ang araw ay magdidilim, at ang buwan ay magkukulay dugo; at ang mga bituin ay magkakait ng kanilang liwanag, at ang ilan ay magsisipagbagsakan, at malaking pagkawasak ang naghihintay sa masasama.
10 Dahil dito, itaas ang iyong tinig at huwag nang [a]manahimik, sapagkat ang Panginoong Diyos ay nangusap; kaya nga magpropesiya, at ibibigay ito sa pamamagitan ng [b]kapangyarihan ng Espiritu Santo.
11 At kung ikaw ay magiging matapat, masdan, ako ay makakasama mo hanggang sa ako ay pumarito—
12 At katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa iyo, ako ay madaling paparito. Ako ang iyong Panginoon at iyong Manunubos. Maging gayon nga. Amen.

## BAHAGI 35

*Paghahayag na ibinigay kina Joseph Smith, ang Propeta, at Sidney Rigdon, sa o malapit sa Fayette, New York, Disyembre 1830 (*History of the Church, *1:128–131). Sa panahong ito, ang Propeta ay abalang-abala halos araw-araw sa pagsasalin ng Biblia. Ang pagsasalin ay sinimulan sa mga unang araw ng buwan ng Hunyo 1830, at sina Oliver Cowdery at John Whitmer ay kapwa naglingkod bilang mga tagasulat. Yayamang sila ngayon ay natawag na sa ibang tungkulin, si Sidney Rigdon ay tinawag sa pamamagitan ng banal na paghirang na maglingkod bilang tagasulat ng Propeta sa gawaing ito (talata 20). Bilang paunang salita sa talaan niya ng paghahayag na ito, isinulat ng Propeta: "Noong Disyembre si Sidney Rigdon ay dumating [mula sa Ohio] upang magtanong sa Panginoon, at kasama niyang dumating si Edward Partridge. . . . Di nagtagal pagkarating ng dalawang kapatid na ito, sa ganito nangusap ang Panginoon" (*History of the Church, *1:128).*

*1–2, Paano ang mga tao ay magiging mga anak ng Diyos; 3–7, Si Sidney Rigdon ay tinawag na magbinyag at maggawad ng Espiritu Santo; 8–12, Mga tanda at himala ay nagagawa sa pamamagitan ng pananampalataya; 13–16, Hihimayin ng mga tagapaglingkod ng Panginoon ang mga bansa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu; 17–19, Hawak ni Joseph Smith ang mga susi ng mga hiwaga; 20–21, Ang mga hinirang ay mabubuhay sa araw ng pagparito ng Panginoon; 22–27, Ang Israel ay maliligtas.*

MAKINIG sa tinig ng [a]Panginoon ninyong Diyos, maging ang [b]Alpha at Omega, ang simula at ang wakas, kung

10*a* Is. 58:1.
*b* 2 Ped. 1:21.
**35** 1*a* gbk Panginoon.
*b* Apoc. 1:8.
gbk Alpha at Omega.

kaninong [c]hakbangin ay isang
walang hanggang pag-ikot, ang
[d]siya ring ngayon, kahapon, at
magpakailanman.
2 Ako si Jesucristo, ang Anak
ng Diyos, na [a]ipinako sa krus
para sa mga kasalanan ng san-
libutan, maging kasindami ng
[b]maniniwala sa aking pangalan,
upang sila ay maging mga [c]anak
ng Diyos, maging [d]isa sa akin
kagaya ng pagiging [e]isa ko sa
Ama, kagaya ng pagiging isa
ng Ama sa akin, upang tayo ay
maging isa.
3 Masdan, katotohanan, kato-
tohanan, sinasabi ko sa aking
tagapaglingkod na si Sidney,
pinagmasdan kita at ang iyong
mga gawa. Narinig ko ang
iyong mga panalangin, at ini-
handa kita sa isang mas maha-
lagang gawain.
4 Ikaw ay pinagpala, sapag-
kat ikaw ay gagawa ng maha-
halagang bagay. Masdan ikaw
ay isinugo, maging katulad
ni [a]Juan, upang ihanda ang
daan sa pagparito ko, at ni [b]Eli-
jah, na darating, at hindi mo ito
alam.
5 Ikaw ay nagbinyag sa pama-
magitan ng tubig tungo sa pag-
sisisi, subalit hindi nila [a]natang-
gap ang Espiritu Santo;
6 Subalit ngayon binibigyan
kita ng kautusan, na ikaw ay
[a]magbibinyag sa pamamagitan
ng tubig, at tatanggapin nila ang
[b]Espiritu Santo sa pamamagitan
ng pagpapatong ng mga [c]ka-
may, maging katulad ng mga
apostol noong sinauna.
7 At ito ay mangyayari na mag-
kakaroon ng dakilang gawain sa
lupain, maging sa mga [a]Gentil,
sapagkat ang kanilang mga ka-
hangalan at kanilang mga karu-
mal-dumal na gawa ay makikita
ng mga mata ng lahat ng tao.
8 Sapagkat ako ang Diyos, at
ang aking bisig ay hindi naging
[a]maiksi; at aking ipakikita ang
mga [b]himala, [c]tanda, at kababa-
laghan, sa lahat ng yaong [d]ma-
niniwala sa aking pangalan.
9 At sinuman ang hihingi nito
sa aking pangalan na may [a]pa-
nanampalataya, sila ay [b]maka-
pagtataboy ng mga [c]diyablo;
sila ay [d]magpapagaling ng may
sakit; mapangyayari nila na ang
bulag ay makakita, at ang bingi
ay makarinig, at ang pipi ay ma-
kapagsalita, at ang pilay ay ma-
kalakad.

1*c* 1 Ne. 10:19; D at T 3:2.
*d* Heb. 13:8; D at T 38:1–4; 39:1–3.
2*a* GBK Pagpapako sa Krus.
*b* D at T 20:25; 45:5, 8.
*c* GBK Anak na Lalaki at Babae ng Diyos, Mga.
*d* Juan 17:20–23. GBK Pagkakaisa.
*e* GBK Diyos, Panguluhang Diyos.
4*a* Mal. 3:1; Mat. 11:10; 1 Ne. 11:27; D at T 84:27–28.
*b* 3 Ne. 25:5–6; D at T 2:1; 110:13–15.
5*a* Gawa 19:1–6.
6*a* GBK Pagbibinyag, Binyagan.
*b* GBK Kaloob na Espiritu Santo.
*c* GBK Kamay, Pagpapatong ng mga.
7*a* GBK Gentil, Mga.
8*a* Is. 50:2; 59:1.
*b* GBK Himala.
*c* GBK Palatandaan.
*d* GBK Paniniwala, Maniwala.
9*a* GBK Pananampalataya.
*b* Mar. 16:17.
*c* Mar. 1:21–45.
*d* GBK Pinagaling, Pagpapagaling.

10 At ang panahon ay mabilis na darating na ang mga kagila-gilalas na bagay ay ipakikita sa mga anak ng tao;
11 Subalit kung [a]walang pananampalataya walang anumang bagay na ipakikita maliban sa [b]kapanglawan sa [c]Babilonia, ang siya ring nagpainom sa lahat ng bansa ng alak ng kapootan ng kanyang [d]pangangalunya.
12 At [a]walang sinuman ang gumagawa ng kabutihan maliban sa yaong mga handang tumanggap ng kabuuan ng aking ebanghelyo, na aking ipinadala sa salinlahing ito.
13 Dahil dito, tinatawag ko ang [a]mahihinang bagay ng sanlibutan, yaong mga [b]mangmang at hinahamak, na himayin ang mga bansa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng aking Espiritu;
14 At ang kanilang bisig ay magiging aking bisig, at ako ang kanilang magiging [a]pananggalang at kanilang kalasag; at aking bibigkisan ang kanilang balakang, at sila ay matapang na makikipaglaban para sa akin; at ang kanilang mga [b]kaaway ay mapapasailalim ng kanilang mga paa; at aking [c]ibabagsak ang espada para sa kapakanan nila, at sa pamamagitan ng [d]apoy ng aking kapootan sila ay aking pangangalagaan.
15 At sa mga [a]maralita at [b]maaamo ang ebanghelyo ay ipangangaral sa kanila, at sila ay [c]tatanaw sa panahon ng aking pagparito, sapagkat ito ay [d]nalalapit na—
16 At kanilang matututuhan ang talinghaga ng puno ng [a]igos, sapagkat maging ngayon ang tag-init ay nalalapit na.
17 At aking ipinadala ang [a]kabuuan ng aking ebanghelyo sa pamamagitan ng kamay ng aking tagapaglingkod na si [b]Joseph; at sa kahinaan ay pinagpala ko siya;
18 At aking ibinigay sa kanya ang mga [a]susi ng hiwaga ng kaalaman ng yaong mga bagay na [b]tinatakan, maging mga bagay na magmula pa sa [c]pagkakatatag ng daigdig, at ang mga bagay na darating mula sa panahon na ito hanggang sa panahon ng aking pagparito, kung siya ay susunod sa akin, at kung hindi, may iba akong ipapalit sa kanya.
19 Dahil dito, bantayan siya upang ang kanyang pananampalataya ay hindi mawala, at

11*a* D at T 63:11–12.
*b* D at T 5:19–20.
*c* GBK Babel, Babilonia.
*d* Apoc. 18:2–4.
12*a* Rom. 3:10–12; D at T 33:4; 38:10–11; 84:49.
13*a* 1 Cor. 1:27; D at T 1:19–23; 124:1.
*b* Gawa 4:13.
14*a* 2 Sam. 22:2–3.
*b* D at T 98:34–38.
*c* D at T 1:13–14.
*d* D at T 128:24.
15*a* Mat. 11:5.
*b* GBK Maamo, Kaamuan.
*c* 2 Ped. 3:10–13; D at T 39:23; 45:39; Moi. 7:62.
*d* D at T 63:53.
16*a* Mat. 24:32; D at T 45:36–38; JS—M 1:38. GBK Palatandaan ng Panahon, Mga.
17*a* D at T 42:12.
*b* D at T 135:3.
18*a* D at T 84:19.
*b* Dan. 12:9; Mat. 13:35; 2 Ne. 27:10–11; Eter 4:4–7; JS—K 1:65.
*c* D at T 128:18.

ito ay ibibigay ng [a]Mang-aaliw,
ang [b]Espiritu Santo, na nakaaa-
lam ng lahat ng bagay.
20 At isang kautusan ang ibi-
nibigay ko sa iyo—na ikaw ay
[a]magsusulat para sa kanya; at
ang mga banal na kasulatan ay
ibibigay, maging ang mga ito
ay mula sa sariling dibdib, para
sa kaligtasan ng sarili kong [b]hi-
nirang;
21 Sapagkat kanilang mariri-
nig ang aking [a]tinig, at maki-
kita ako, at hindi makatutulog,
at [b]mamamalagi sa araw ng
aking [c]pagparito; sapagkat sila
ay dadalisayin, maging tulad ko
na [d]dalisay.
22 At ngayon sinasabi ko sa
[a]iyo, manatiling kasama niya, at
siya ay maglalakbay na kasama
ka; huwag mo siyang iwanan,
at tiyak na ang mga bagay na
ito ay matutupad.
23 At [a]yayamang hindi ka
magsusulat, masdan, ibibigay
sa kanya na magpropesiya; at
ikaw ay mangangaral ng aking
ebanghelyo at tatawag [b]sa mga
banal na propeta upang pa-
tunayan ang kanyang mga sa-
lita, tulad ng ibibigay nila sa
kanya.
24 [a]Sundin ang lahat ng ka-
utusan at tipan na sumasaklaw
sa iyo; at aking papangyarihin
na [b]mayanig ang langit para
sa iyong ikabubuti, at si [c]Sata-
nas ay manginginig at ang Sion
ay [d]magagalak sa mga burol at
mananagana;
25 At ang [a]Israel ay [b]maliligtas
sa aking sariling takdang pana-
hon; at sa pamamagitan ng mga
[c]susi na aking ibinigay sila ay
aakayin; at hindi na muli pang
malilito.
26 Pasiglahin ang inyong mga
puso at magalak, ang inyong
[a]pagkatubos ay malapit na.
27 Huwag matakot, mun-
ting kawan, ang [a]kaharian ay
sa inyo hanggang sa aking pag-
parito. Masdan, ako ay mada-
ling [b]paparito. Maging gayon
nga. Amen.

## BAHAGI 36

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, kay Edward Partridge, malapit sa Fayette, New York, Disyembre 1830*

19*a* Juan 14:16, 26; 15:26. GBK Mang-aaliw.
*b* GBK Espiritu Santo.
20*a* Nang panahong ito ang Propeta ay abala sa mapagpahayag na pagsasalin ng Biblia, kung saan tinawag na tagatala si Sidney Rigdon.
*b* GBK Hinirang, Pagkakahirang.
21*a* Joel 2:11; D at T 43:17–25; 88:90; 133:50–51.
*b* Mal. 3:2–3.
*c* GBK Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
*d* GBK Dalisay, Kadalisayan.
22*a* D at T 100:9–11.
23*a* IE sa tuwing hindi abala sa pagsusulat si Sidney Rigdon.
*b* IE ang mga banal na kasulatan.
24*a* D at T 103:7.
*b* D at T 21:6.
*c* 1 Ne. 22:26.
*d* GBK Kagalakan.
25*a* GBK Israel.
*b* Is. 45:17; 1 Ne. 19:15–16; 22:12.
*c* GBK Susi ng Pagkasaserdote, Mga.
26*a* Lu. 21:28.
27*a* GBK Kaharian ng Diyos o Kaharian ng Langit.
*b* Apoc. 22:20.

*(*History of the Church, *1:131). (Tingnan sa ulo ng bahagi 35.) Sinabi ng Propeta na si Edward Partridge "ay isang huwaran ng kabanalan, at isa sa mga dakilang tao ng Panginoon" (*History of the Church, *1:128).*

*1–3, Ipinatong ng Panginoon ang kanyang kamay kay Edward Partridge sa pamamagitan ng kamay ni Sidney Rigdon; 4–8, Bawat lalaki na tumatanggap ng ebanghelyo at ng pagkasaserdote ay tatawagin upang humayo at mangaral.*

GANITO ang wika ng Panginoong Diyos, ang [a]Makapangyarihan ng Israel: Masdan, sinasabi ko sa iyo, aking tagapaglingkod na [b]Edward, na ikaw ay pinagpala, at ang iyong mga kasalanan ay pinatawad na, at ikaw ay tinatawag na mangaral ng aking ebanghelyo na gaya ng tunog ng isang pakakak;
2 At aking ipapatong ang aking [a]kamay sa iyo sa pamamagitan ng kamay ng aking tagapaglingkod na si Sidney Rigdon, at iyong matatangap ang aking Espiritu, ang Espiritu Santo, maging ang [b]Mang-aaliw, na siyang magtuturo sa iyo ng mga [c]mapayapang bagay ng kaharian;
3 At iyong ipahahayag ito sa malakas na tinig, nagsasabing: Hosana, purihin ang pangalan ng kataas-taasang Diyos.
4 At ngayon ang katungkulan at kautusang ito ay ibinibigay ko sa iyo hinggil sa lahat ng tao—
5 Na kasindami ng haharap sa aking mga tagapaglingkod na sina Sidney Rigdon at Joseph Smith, Jun., niyayakap ang katungkulan at kautusang ito, ay [a]oordenan at isusugo upang [b]ipangaral ang walang hanggang ebanghelyo sa mga bansa—
6 Mangangaral ng pagsisisi, sinasabing: [a]Iligtas ang inyong sarili mula sa suwail na salinlahing ito, at mangaglabasan mula sa apoy, na kinapopootan maging ang mga [b]kasuotan na nabahiran ng laman.
7 At ang kautusang ito ay ibibigay sa mga elder ng aking simbahan, na ang bawat lalaking yayakap nito nang may katapatan ng puso ay maordenan at isugo, maging tulad ng aking sinabi.
8 Ako si Jesucristo, ang Anak ng Diyos; dahil dito, bigkisan ang inyong mga balakang at ako ay biglang paroroon sa aking [a]templo. Maging gayon nga. Amen.

**36** 1*a* GBK Jesucristo; Jehova.
*b* D at T 41:9–11.
2*a* GBK Kamay, Pagpapatong ng mga.
*b* GBK Mang-aaliw; Espiritu Santo.
*c* D at T 42:61.
5*a* D at T 63:57. GBK Ordenan, Pag-oorden.
*b* GBK Mangaral.
6*a* Gawa 2:40.
*b* Jud. 1:23.
8*a* Mal. 3:1.

## BAHAGI 37

*Paghahayag na ibinigay kina Joseph Smith, ang Propeta, at Sidney Rigdon, malapit sa Fayette, New York, Disyembre 1830 (*History of the Church, *1:139). Dito ibinigay ang unang kautusan hinggil sa pagtitipon sa dispensasyong ito.*

*1–4, Ang mga Banal ay tinawag na magtipon sa Ohio.*

MASDAN, sinasabi ko sa
inyo na hindi kinakaila-
ngan sa akin na kayo ay [a]mag-
salin pa hanggang sa maka-
tungo kayo sa Ohio, at ito ay
dahil sa kaaway at para sa in-
yong kapakanan.
2 At muli, sinasabi ko sa inyo
na hindi kayo aalis hanggang
sa maipangaral ninyo ang aking
ebanghelyo sa dakong iyon, at
mapatatag ang simbahan saan
man ito matatagpuan, at lalung-
lalo na sa [a]Colesville; sapagkat,
masdan, sila ay nananalangin
sa akin nang may labis na pa-
nanampalataya.
3 At muli, isang kautusan ang
ibinibigay ko sa simbahan, na
kinakailangan sa akin na sila
ay sama-samang magtipun-
tipon [a]sa Ohio, sa panahon na
ang aking tagapaglingkod na si
Oliver Cowdery ay magbalik
sa kanila.
4 Masdan, naririto ang karu-
nungan, at hayaang ang ba-
wat tao ay [a]pumili para sa kan-
yang sarili hanggang sa ako ay
pumarito. Maging gayon nga.
Amen.

## BAHAGI 38

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Fayette, New York, ika-2 ng Enero 1831 (*History of the Church, *1:140–143). Ang pagkakataon ay isang pagpupulong ng Simbahan.*

*1–6, Nilikha ni Cristo ang lahat ng bagay; 7–8, Siya ay nasa gitna ng kanyang mga Banal, na malapit nang makita siya; 9–12, Ang lahat ng laman ay makasalanan sa harapan niya; 13–22, Siya ay naglaan ng isang lupang pangako para sa kanyang mga Banal sa panahon at sa kawalang-hanggan; 23–27, Ang mga Banal ay inutusang magkaisa at ituring ang bawat isa bilang kapatid; 28–29, Ang mga digmaan ay hinulaan; 30–33, Ang mga Banal ay bibigyan ng kapangyarihan mula sa kaitaasan at hahayo sa lahat ng bansa; 34–42, Ang Simbahan ay inutusang kalingain ang mga maralita at nangangailangan, at hangarin ang mga kayamanan ng kawalang-hanggan.*

GANITO ang sinasabi ng
Panginoon ninyong Diyos,
maging si Jesucristo, ang Daki-

**37** 1*a* IE ang pagsasalin sa Biblia ay ginagawa na.
2*a* D at T 24:3; 26:1.
3*a* IE ang estado ng Ohio. D at T 38:31–32.
4*a* GBK Kalayaang Mamili.

lang [a]Ako Nga, ang Alpha at Omega, ang [b]simula at ang wakas, ang siya ring tumatanaw sa kalawakan ng kawalang-hanggan, at sa lahat ng anghel na [c]hukbo ng langit, [d]bago [e]nilikha ang daigdig;
2 Ang siya ring [a]nakaaalam ng lahat ng bagay, sapagkat [b]lahat ng bagay ay nakikita ng aking mga mata;
3 Ako rin ang yaong nagsalita, at ang daigdig ay [a]nalikha, at ang lahat ng bagay ay dumating sa pamamagitan ko.
4 Ako rin ang yaong kumuha ng [a]Sion ni Enoc sa aking sinapupunan; at katotohanan, sinasabi ko, maging kasindami ng [b]naniwala sa aking pangalan, sapagkat ako ay si Cristo, at sa aking sariling pangalan, sa pamamagitan ng [c]dugo na aking ibinuhos, ako ay nagsumamo sa Ama para sa kanila.
5 Subalit masdan, ang mga natitirang [a]masasama ay aking pinanatili sa mga [b]tanikala ng kadiliman hanggang sa [c]paghuhukom ng dakilang araw, na darating sa katapusan ng mundo;
6 At sa gayon ko papapangyarihing manatili ang masasama, na hindi makikinig sa aking tinig kundi pinatitigas ang kanilang mga puso, at sa aba, sa aba, sa aba, ang kanilang kapahamakan.
7 Subalit masdan, katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo na ang aking mga [a]mata ay nakatuon sa inyo. Ako ay nasa [b]gitna ninyo at hindi ninyo ako nakikita;
8 Subalit ang araw ay malapit nang dumating na ako ay inyong [a]makikita, at malalaman ninyo na ako nga; sapagkat ang tabing ng kadiliman ay malapit nang mapunit, at siya na hindi [b]dalisay ay hindi [c]makatatagal sa araw na yaon.
9 Dahil dito, bigkisan ang inyong mga balakang at maging handa. Masdan, ang [a]kaharian ay inyo, at ang kaaway ay hindi mananaig.
10 Katotohanan sinasabi ko sa inyo, kayo ay [a]malinis, subalit hindi lahat; at wala nang iba pa akong [b]kinalulugdan;
11 Sapagkat lahat ng [a]laman ay makasalanan sa harapan ko;

**38** 1*a* gbk AKO.
*b* Apoc. 1:8.
*c* D at T 45:1.
*d* gbk Buhay Bago pa ang Buhay na Ito.
*e* Awit 90:2.
2*a* D at T 88:41; Moi. 1:35.
*b* Kaw. 5:21; 2 Ne. 9:20.
3*a* Awit 33:6–9. gbk Likha, Paglikha.
4*a* D at T 45:11–14; 76:66–67; 84:99–100; Moi. 7:18–21. pjs, Gen. 14:25–40. gbk Sion.
*b* D at T 20:25; 35:2; 45:3–5.
*c* gbk Bayad-sala, Pagbabayad-sala.
5*a* gbk Kawalang-katwiran, Hindi Matwid.
*b* 2 Ped. 2:4; Jud. 1:6. gbk Impiyerno.
*c* gbk Paghuhukom, Ang Huling.
7*a* D at T 1:1.
*b* D at T 6:32; 29:5.
8*a* Apoc. 22:4–5. gbk Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
*b* gbk Dalisay, Kadalisayan.
*c* Mal. 3:2.
9*a* Lu. 6:20. gbk Kaharian ng Diyos o Kaharian ng Langit.
10*a* gbk Malinis at Hindi Malinis.
*b* D at T 1:30.
11*a* Is. 1:3–4; D at T 33:4.

at ang kapangyarihan ng [b]kadiliman ay nangingibabaw sa mundo, sa mga anak ng tao, sa harapan ng lahat ng hukbo ng langit—

12 Na dahilan ng paghahari ng katahimikan, at ang lahat ng kawalang-hanggan ay [a]nasasaktan, at ang mga [b]anghel ay naghihintay sa dakilang utos na [c]gapasin ang mundo, na tipunin ang mga [d]agingay upang ang mga yaon ay [e]sunugin; at, masdan, ang kaaway ay nagsamasama.

13 At ngayon magpapakita ako sa inyo ng isang hiwaga, isang bagay na naroroon sa mga lihim na silid, na magpapangyari maging ng inyong [a]pagkalipol sa paglipas ng panahon, at hindi ninyo ito nalalaman;

14 Subalit ngayon aking sasabihin ito sa inyo, at kayo ay pinagpala, hindi dahil sa inyong kasamaan, ni sa inyong mga puso na walang paniniwala; sapagkat sa katotohanan ang ilan sa inyo ay may kasalanan sa harapan ko, subalit ako ay magiging maawain sa inyong mga kahinaan.

15 Samakatwid, kayo ay maging [a]malakas magmula ngayon; huwag [b]matakot, sapagkat ang kaharian ay inyo.

16 At para sa inyong kaligtasan ay binibigyan ko kayo ng isang kautusan, sapagkat aking narinig ang inyong mga panalangin, at ang mga [a]maralita ay dumaing sa harapan ko, at ang [b]mayayaman ay aking ginawa, at lahat ng laman ay akin, at ako ay walang [c]kinikilingang mga tao.

17 At aking ginawang mayaman ang lupa, at masdan ito ay aking [a]tuntungan ng paa, dahil dito, muli akong tatayo rito.

18 At ako ay magkakaloob at mamarapatin na bigyan kayo ng higit na kayamanan, maging isang lupang pangako, isang lupain na sagana sa gatas at pulot-pukyutan, kung saan ay walang sumpa kapag pumarito ang Panginoon;

19 At aking ibibigay ito sa inyo bilang lupain na inyong mana, kung hahangarin ninyo ito nang buo ninyong puso.

20 At ito ang aking magiging tipan sa inyo, inyong makakamit ito bilang lupain na inyong mana, at bilang [a]mana ng inyong mga anak magpakailanman, samantalang ang mundo ay nakatayo, at inyong aariin itong muli sa kawalang-hanggan, hindi na muling mawawala.

21 Subalit, katotohanan sinasabi ko sa inyo na sa panahong ito kayo ay hindi magkakaroon ng hari ni tagapamahala, sapagkat ako ang inyong magiging [a]hari at magbabantay sa inyo.

11*b* Mi. 3:6; D at T 112:23; Moi. 7:61–62.
12*a* Moi. 7:41.
*b* D at T 86:3–7.
*c* GBK Pag-aani.
*d* D at T 88:94; 101:65–66.
*e* Mat. 13:30.
13*a* D at T 5:32–33.
15*a* GBK Tapang, Matapang.
*b* GBK Takot—Takot sa Tao.
16*a* Mos. 4:16–18.
*b* 1 Sam. 2:7.
*c* Gawa 10:34; Moro. 8:11–12; D at T 1:34–35.
17*a* 1 Ne. 17:39; Abr. 2:7.
20*a* D at T 45:58.
21*a* Zac. 14:9; 2 Ne. 10:14; Alma 5:50.

22 Dahil dito, makinig sa aking tinig at [a]sumunod sa akin, at kayo ay magiging [b]malayang tao, kayo ay hindi magkakaroon ng mga batas maliban sa aking mga batas sa pagparito ko, sapagkat ako ang inyong [c]tagabigay ng batas, at ano ang makapipigil sa aking kamay?

23 Subalit, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, [a]turuan ang bawat isa alinsunod sa tungkulin na kung saan ko kayo itinalaga;

24 At [a]pahalagahan ng bawat tao ang kanyang kapatid gaya ng kanyang sarili, at gumawa ng [b]kabutihan at [c]kabanalan sa harapan ko.

25 At muli sinasabi ko sa inyo, pahalagahan ng bawat tao ang kanyang kapatid gaya ng kanyang sarili.

26 Sapagkat sino sa inyo na may labindalawang anak, at walang kinikilingan sa kanila, at sila ay masunuring naglilingkod sa kanya, at sinabi niya sa isa: Magsuot ka ng bata at umupo ka rito; at sa isa: Magsuot ka ng basahan at umupo ka roon—at tumingin sa kanyang mga anak at sinabing ako ay makatarungan?

27 Masdan, ito ay ibinigay ko sa inyo bilang isang talinghaga, at ito ay maging kagaya ko. Sinasabi ko sa inyo, maging [a]isa; at kung hindi kayo isa kayo ay hindi sa akin.

28 At muli, sinasabi ko sa inyo na ang kaaway na nasa mga lihim na silid ay naghahangad ng inyong [a]buhay.

29 Inyong naririnig ang mga [a]digmaan sa malalayong bansa, at inyong sinasabi na malapit nang magkaroon pa ng malalaking digmaan sa malalayong bansa, subalit hindi ninyo nalalaman ang mga kalooban ng mga tao sa inyong sariling lupain.

30 Sinasabi ko sa inyo ang mga bagay na ito dahil sa inyong mga panalangin; dahil dito, [a]pahalagahan ang [b]karunungan sa inyong mga dibdib, at baka ang kasamaan ng mga tao ay maghayag ng mga bagay na ito sa inyo sa pamamagitan ng kanilang kasamaan, sa isang paraan na magsasalita sa inyong mga tainga na may tinig na mas malakas pa kaysa sa yaong makapagpapayanig ng mundo; subalit kung kayo ay handa kayo ay hindi matatakot.

31 At maaari ninyong matakasan ang kapangyarihan ng kaaway, at matipon sa akin bilang isang mabubuting tao, na walang [a]bahid-dungis at walang kasalanan—

32 Dahil dito, sa kadahilanang

22*a* Juan 10:27.
*b* GBK Jesucristo—Paghaharing milenyal ni Cristo.
*c* Is. 33:22; Mi. 4:2; D at T 45:59.
23*a* D at T 88:77–79, 118, 122. GBK Turuan, Guro.
24*a* Deut. 17:20; 1 Cor. 4:6.
*b* D at T 46:33. GBK Kabaitan.
*c* GBK Kabanalan.
27*a* Juan 17:21–23; 1 Cor. 1:10; Ef. 4:11–14; 3 Ne. 11:28–30; Moi. 7:18. GBK Pagkakaisa.
28*a* D at T 5:33; 38:13.
29*a* D at T 45:26, 63; 87:1–5; 130:12.
30*a* JS—M 1:37.
*b* GBK Karunungan.
31*a* 2 Ped. 3:14.

ito ako ay nagbigay sa iyo ng kautusan na ikaw ay nararapat na magtungo sa [a]Ohio; at doon bibigyan kita ng aking [b]batas; at doon ikaw ay [c]papagkalooban ng kapangyarihan mula sa kaitaasan;

33 At mula roon, sinuman ang naisin ko ay hahayo sa [a]lahat ng bansa, at sasabihin sa kanila kung ano ang kanilang nararapat gawin; sapagkat ako ay may mahalagang gawaing nakalaan, sapagkat ang Israel ay [b]maliligtas, at akin silang aakayin saan ko man naisin, at walang kapangyarihan ang [c]makapipigil sa aking kamay.

34 At ngayon, ibinibigay ko sa simbahan sa mga dakong ito ang isang kautusan, na may ilang tao sa inyo na itatalaga, at sila ay itatalaga sa pamamagitan ng [a]tinig ng simbahan;

35 At sila ay titingin sa mga maralita at sa nangangailangan, at magbibigay ng [a]tulong sa kanila upang hindi sila maghirap; at isusugo sila sa lugar na aking ipinag-utos;

36 At ito ang kanilang magiging gawain, ang pamahalaan ang pamamalakad ng mga ari-arian ng simbahang ito.

37 At sila na may mga bukid na hindi maaaring maipagbili, iwan ang mga yaon o paupahan kung ano ang inaakala nilang makabubuti.

38 Tiyakin na ang lahat ng bagay ay maingatan; at kapag ang mga tao ay [a]pinagkalooban ng kapangyarihan mula sa kaitaasan at isinugo, lahat ng bagay na ito ay titipunin sa sinapupunan ng simbahan.

39 At kung inyong hinahangad ang mga [a]kayamanan na yaong kalooban ng Ama na ibigay sa inyo, kayo ang magiging pinakamayaman sa lahat ng tao, sapagkat tatanggapin ninyo ang kayamanan ng walang hanggan; at talagang kinakailangan na ang [b]kayamanan ng mundo ay akin upang ibigay; subalit mag-ingat sa [c]kapalaluan, at baka kayo ay maging katulad ng mga [d]Nephita noong sinauna.

40 At muli, sinasabi ko sa inyo, binibigyan ko kayo ng isang kautusan, na bawat lalaki, kapwa mga elder, saserdote, guro, at gayon din ang kasapi, na humayo nang buo niyang lakas, lakip ang gawain sa kanyang mga [a]kamay, upang ihanda at tuparin ang mga bagay na aking ipinag-utos.

41 At ang inyong [a]pangangaral ang magiging tinig ng [b]babala, bawat tao sa kanyang kapwa, sa kahinahunan at kaamuan.

42 At kayo ay [a]lumayo mula sa

32*a* D at T 37:3.
*b* D at T 42.
*c* Lu. 24:49; D at T 39:15; 95:8; 110:9–10.
33*a* GBK Gawaing Pangmisyonero.
*b* Is. 45:17; Jer. 30:10; D at T 136:22.
*c* Dan. 4:35.
34*a* GBK Pangkalahatang Pagsang-ayon.
35*a* GBK Kapakanan.
38*a* GBK Endowment.
39*a* Jac. 2:17–19; D at T 11:7.
*b* Hag. 2:8.
*c* GBK Kapalaluan.
*d* Moro. 8:27.
40*a* 1 Cor. 4:12.
41*a* GBK Mangaral.
*b* GBK Babala, Binalaan.
42*a* Is. 52:11.

masasama. Iligtas ang inyong
sarili. Maging malinis kayo na
nagtataglay ng sisidlan ng Pa-
nginoon. Maging gayon nga.
Amen.

## BAHAGI 39

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, kay James Covill, sa Fayette, New York, ika-5 ng Enero 1831 (*History of the Church, *1:143–145). Si James Covill, na naging isang Baptist na mangangaral sa loob ng may apatnapung taon, ay nakipagtipan sa Panginoon na kanyang susundin ang alinmang kautusan na ibibigay sa kanya ng Panginoon sa pamamagitan ni Joseph, ang Propeta.*

*1–4, Ang mga Banal ay may kapangyarihang maging mga anak ng Diyos; 5–6, Ang pagtanggap ng ebanghelyo ay pagtanggap kay Cristo; 7–14, Si James Covill ay inutusang magpabinyag at gumawa sa ubasan ng Panginoon; 15–21, Ang mga tagapaglingkod ng Panginoon ay mangangaral ng ebanghelyo bago ang Ikalawang Pagparito; 22–24, Yaong mga tumanggap ng ebanghelyo ay titipunin sa panahong ito at sa kawalang-hanggan.*

PAKINGGAN at dinggin ang
tinig ng siyang mula sa
[a]kawalang-hanggan hanggang
sa lahat ng kawalang-hanggan,
ang Dakilang [b]AKO NGA, ma-
ging si Jesucristo—
2 Ang [a]ilaw at buhay ng san-
libutan; isang ilaw na naglili-
wanag sa kadiliman at ang ka-
diliman ay hindi ito mauna-
waan;
3 Ang siya ring pumarito sa
[a]kalagitnaan ng panahon sa sa-
riling akin, at ang sariling akin
ay hindi ako tinanggap;
4 Subalit kasindami ng tuma-
tanggap sa akin, ako ay nagbi-
gay ng kapangyarihan na ma-
ging aking mga [a]anak; at gayon
pa man ay ibibigay ko sa kasin-
dami ng tatanggap sa akin, ang
kapangyarihan na maging aking
mga anak.
5 At katotohanan, katotoha-
nan, sinasabi ko sa iyo, siya na
tumatanggap sa aking ebang-
helyo ay [a]tumatanggap sa akin;
at siya na hindi tumatanggap
sa aking ebanghelyo ay hindi
tumatanggap sa akin.
6 At ito ang aking [a]ebanghel-
yo—pagsisisi at pagbibinyag sa
pamamagitan ng tubig, at pag-
katapos sasapit ang [b]pagbibin-
yag ng apoy at Espiritu Santo,
maging ang Mang-aaliw, na
nagpapakita ng lahat ng bagay,

**39** 1*a* Heb. 13:8; D at T 20:12; 35:1; 38:1–4.
*b* Ex. 3:14. GBK Jehova.
2*a* GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo.
3*a* D at T 20:26; Moi. 6:57, 62.
4*a* Juan 1:12. GBK Anak na Lalaki at Babae ng Diyos, Mga.
5*a* Juan 13:20.
6*a* GBK Pagbibinyag, Binyagan; Ebanghelyo; Magsisi, Pagsisisi.
*b* GBK Isilang na Muli, Isinilang sa Diyos; Espiritu Santo.

at [c]nagtuturo ng mga mapayapang bagay ng kaharian.

7 At ngayon, masdan, sinasabi ko sa iyo, aking tagapaglingkod na si [a]James, aking tinunghayan ang iyong mga gawain at kilala kita.

8 At katotohanan sinasabi ko sa iyo, ang iyong puso ay matwid ngayon sa aking harapan sa panahong ito; at, masdan, ako ay nagkaloob ng mga dakilang pagpapala sa iyong ulo;

9 Gayunman, ikaw ay nakakita ng matinding kalungkutan, sapagkat ako ay itinatwa mo nang maraming ulit dahil sa kapalaluan at alalahanin ng [a]sanlibutan.

10 Subalit, masdan, ang mga araw ng iyong paglaya ay sumapit na, kung ikaw ay susunod sa aking tinig, na nagsasabi sa iyo: Tumindig at [a]magpabinyag, at hugasan ang iyong mga kasalanan, tumatawag sa aking pangalan, at iyong tatanggapin ang aking Espiritu, at isang dakilang pagpapala na hindi mo pa nalalaman.

11 At kung gagawin mo ito, ako ay naghanda para sa iyo ng isang mas dakilang gawain. Iyong ipangangaral ang kabuuan ng aking ebanghelyo, na aking inihayag sa mga huling araw na ito, ang tipan na aking ipinadala upang [a]mapanumbalik muli ang aking mga tao, na mula sa sambahayan ni Israel.

12 At ito ay mangyayari na ang kapangyarihan ay [a]mapapasaiyo; ikaw ay magkakaroon ng malaking pananampalataya, at ako ay mapapasaiyo at magpapauna sa iyong harapan.

13 Ikaw ay tinawag upang [a]gumawa sa aking ubasan, at upang magtatag ng aking simbahan, at [b]magdadala nang pasulong sa Sion, upang ito ay magalak sa mga burol at [c]managana.

14 Masdan, katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa iyo, ikaw ay hindi tinawag upang magtungo sa mga bayan sa kasilanganan, kundi ikaw ay tinawag upang magtungo sa Ohio.

15 At yayamang ang aking mga tao ay magkakasamang nagtitipun-tipon ng kanilang sarili sa Ohio, ako ay naglaan ng isang [a]pagpapala na hindi pa nalalaman sa mga anak ng tao, at ito ay ibubuhos sa kanilang mga ulo. At mula rito ang mga tao ay hahayo sa [b]lahat ng [c]bansa.

16 Masdan, katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa iyo, na ang mga tao sa Ohio ay nananalangin sa akin nang may labis na pananampalataya, nag-aakala na aking pipigilin ang aking kamay sa paghuhukom sa mga bansa, subalit hindi ko maitatatwa ang aking salita.

6*c* D at T 42:61.
7*a* D at T 40:1.
9*a* Mat. 13:22.
10*a* D at T 40:1–3. GBK Pagbibinyag, Binyagan.
11*a* GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
12*a* 2 Cor. 12:9.
13*a* Mat. 20:1–16.
*b* Is. 52:8.
*c* D at T 117:7.
15*a* D at T 38:32; 95:8; 110:8–10.
*b* D at T 1:2.
*c* GBK Gawaing Pangmisyonero.

17 Dahil dito magsimulang gumawa nang buo mong lakas at tumawag ng matatapat na manggagawa sa aking ubasan, upang ito ay [a]mapungusan sa huling pagkakataon.
18 At yayamang sila ay nagsisisi at tinatanggap ang kabuuan ng aking ebanghelyo, at naging banal, aking pipigilin ang aking kamay sa [a]paghahatol.
19 Dahil dito, humayo, magsalita nang may malakas na tinig, sinasabing: Ang kaharian ng langit ay nalalapit na; sumisigaw ng: Hosana! purihin ang pangalan ng Kataas-taasang Diyos.
20 Humayo sa pagbibinyag sa pamamagitan ng tubig, inihahanda ang daan sa harapan ng aking mukha para sa panahon ng aking [a]pagparito;
21 Sapagkat ang panahon ay nalalapit na; ang [a]araw o ang oras ay walang taong [b]nakaaalam; subalit ito ay tiyak na sasapit.
22 At siya na tumatanggap sa mga bagay na ito ay tumatanggap sa akin; at sila ay matitipon sa akin sa panahon at sa kawalang-hanggan.
23 At muli, ito ay mangyayari na kasindami ng iyong bibinyagan sa tubig, iyong ipapatong ang iyong mga [a]kamay, at kanilang matatanggap ang [b]kaloob na Espiritu Santo, at [c]maghihintay sa mga palatandaan ng aking [d]pagparito, at makikilala ako.
24 Masdan, ako ay madaling paparito. Maging gayon nga. Amen.

## BAHAGI 40

*Paghahayag na ibinigay kina Joseph Smith, ang Propeta, at Sidney Rigdon, sa Fayette, New York, Enero 1831 (* History of the Church, *1:145). Una pa sa tala ng paghahayag na ito, isinulat ng Propeta, "Yayamang tinanggihan ni James Covill ang salita ng Panginoon, at bumalik muli sa kanyang dating mga alituntunin at tao, ibinigay ng Panginoon sa akin at kay Sidney Rigdon ang sumusunod na paghahayag" (* History of the Church, *1:145).*

*1–3, Ang takot na mausig at mga alalahanin ng sanlibutan ang dahilan ng pagtanggi sa ebanghelyo.*

MASDAN, katotohanan sinasabi ko sa inyo, na ang puso ni [a]James Covill ay matwid sa harapan ko, sapagkat siya ay nakipagtipan sa akin na siya ay susunod sa aking salita.
2 At kanyang [a]tinanggap ang salita nang may kagalakan, subalit kapagdaka ay tinukso

17*a* Jac. 5:61–75; D at T 24:19.
18*a* GBK Jesucristo—Hukom.
20*a* GBK Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
21*a* Mat. 24:36.
*b* JS—M 1:40.
23*a* GBK Kamay, Pagpapatong ng mga.
*b* GBK Kaloob na Espiritu Santo.
*c* Apoc. 3:3; D at T 35:15; 45:39–44.
*d* 2 Ped. 3:10–14.
**40** 1*a* D at T 39:7–11.
2*a* Mar. 4:16–19.

siya ni Satanas; at ang takot na
[b]mausig at ang mga alalahanin
ng sanlibutan ang naging dahi-
lan upang kanyang [c]itatwa ang
salita.
3 Samakatwid kanyang nila-
bag ang aking tipan, at nasa sa
akin na gawin sa kanya kung
anuman ang inaakala kong ma-
kabubuti. Amen.

## BAHAGI 41

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Simbahan, sa Kirtland, Ohio, ika-4 ng Pebrero 1831 (*History of the Church, *1:146–147). Ang Sangay ng Simbahan sa Kirtland sa panahong ito ay mabilis na dumarami. Bilang paunang salita sa paghahayag na ito, isinulat ng Propeta, "[Ang] mga kasapi . . . ay nagsusumikap na gawin ang kalooban ng Diyos, hanggang sa abot ng kanilang nalalaman, bagaman may ilang kakatwang paniwala at mga huwad na espiritu ang sumapit sa kanila. . . . [at] ang Panginoon ay nagbigay sa Simbahan ng mga sumusunod" (*History of the Church, *1:146–147).*

*1–3, Ang mga elder ay mamamahala sa Simbahan sa pamamagitan ng diwa ng paghahayag; 4–6, Ang mga tunay na tagasunod ay makatatanggap at makatutupad ng mga batas ng Panginoon; 7–12, Si Edward Partridge ay hinirang na obispo ng Simbahan.*

PAKINGGAN at dinggin, O
kayong aking mga tao, wika
ng Panginoon at inyong Diyos,
kayo na aking kinalulugdang
[a]pagpalain nang higit sa lahat
ng pagpapala, kayong mga na-
karirinig sa akin; at kayong
hindi nakikinig sa akin ay aking
[b]susumpain, na [c]nag-aangkin sa
aking pangalan, nang may pina-
kamabigat sa lahat ng sumpa.
2 Makinig, O kayong mga
elder ng aking simbahan na
aking tinawag, masdan ako ay
nagbigay sa inyo ng isang ka-
utusan, na kayo ay magkakasa-
mang magtipun-tipon ng in-
yong sarili upang [a]magkaisa sa
aking salita;
3 At sa pamamagitan ng pana-
langin ng inyong pananampa-
lataya kayo ay makatatanggap
ng aking [a]batas, upang inyong
malaman kung paano pamama-
halaan ang aking simbahan at
gawing tama ang lahat ng bagay
sa harapan ko.
4 At ako ang inyong magi-
ging [a]tagapamahala kapag ako
ay [b]pumarito; at masdan, ako ay
madaling paparito, at inyong

2*b* Mat. 13:20–22. GBK Usigin, Pag-uusig.
*c* GBK Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan.
**41** 1*a* GBK Pagpapala, Pagpapalain, Pinagpala.
*b* Deut. 11:26–28; 1 Ne. 2:23.
*c* D at T 56:1–4; 112:24–26.
2*a* GBK Pagkakaisa.
3*a* D at T 42.
4*a* Zac. 14:9; D at T 45:59. GBK Jesucristo—Paghaharing milenyal ni Cristo.
*b* GBK Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.

tiyakin na ang aking mga batas
ay tinutupad.
5 Siya na [a]tumatanggap ng
aking batas at [b]ginagawa ito,
siya ay aking tagasunod; at siya
na nagsasabing tinanggap niya
ito at hindi ito ginagawa, siya
ay hindi aking tagasunod, at
[c]ititiwalag mula sa inyo;
6 Sapagkat hindi marapat na
ang mga bagay na pag-aari ng
mga anak ng kaharian ay ibigay
sa kanila na hindi karapat-
dapat, o sa mga [a]aso, o ihagis
ang mga [b]perlas sa harapan ng
mga baboy.
7 At muli, marapat na ang
aking tagapaglingkod na si
Joseph Smith, Jun., ay kinaka-
ilangang magpagawa ng isang
[a]bahay, na kung saan maka-
paninirahan at [b]makapagsa-
salin.
8 At muli, ito ay marapat na
ang aking tagapaglingkod na
si Sidney Rigdon ay kinakaila-
ngang manirahan kung saan
niya inaakalang mabuti, yaya-
mang kanyang sinusunod ang
aking mga kautusan.
9 At muli, aking tinawag
ang aking tagapaglingkod na si
[a]Edward Partridge; at ako ay
nagbibigay ng isang kautusan,
na siya ay nararapat na itala-
ga sa pamamagitan ng tinig ng
simbahan, at ordenan bilang
[b]obispo sa simbahan, na iwa-
nan ang kanyang mga kalakal
at [c]iukol ang lahat ng kanyang
panahon sa mga gawain sa sim-
bahan;
10 Na pangalagaan ang lahat
ng bagay na siyang itatakda sa
kanya sa aking mga batas sa
araw na ibibigay ko ang mga
yaon.
11 At ito ay sa kadahilanan na
ang kanyang puso ay dalisay
sa harapan ko, sapagkat siya ay
katulad ni [a]Natanael noong si-
nauna, na sa kanya ay walang
[b]pandaraya.
12 Ang mga salitang ito ay ibi-
nigay sa inyo, at ang mga ito
ay dalisay sa harapan ko; dahil
dito, mag-ingat kung paano nin-
yo ito pangangalagaan, sapag-
kat ang mga yaon ay panana-
gutan ng inyong kaluluwa sa
araw ng paghuhukom. Maging
gayon nga. Amen.

## BAHAGI 42

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Kirtland, Ohio, ika-9 ng Pebrero 1831 (*History of the Church, *1:148–154). Ito ay tinanggap sa harapan ng labindalawang elder at bilang katuparan sa pangakong ginawa ng Panginoon noong una na ang "batas" ay ibibigay sa Ohio (tingnan sa bahagi 38:32). Tinukoy ng Pro-*

5*a* Mat. 7:24.
*b* Sant. 1:22–25; D at T 42:60.
*c* D at T 50:8–9. GBK Pagtitiwalag.
6*a* Mat. 15:26.
*b* Mat. 7:6.
7*a* D at T 42:71.
*b* IE isalin ang Biblia. D at T 45:60–61.
9*a* D at T 36:1.
*b* D at T 72:9–12; 107:68–75. GBK Obispo.
*c* D at T 51.
11*a* Juan 1:47.
*b* GBK Pandaraya.

*peta ang paghahayag na ito bilang "pagyakap sa batas ng Simbahan"* (History of the Church, *1:148).*

*1–10, Ang mga elder ay tinawag upang mangaral ng ebanghelyo, magbinyag ng mga nagbalik-loob, at magtatag ng Simbahan; 11–12, Sila ay kailangang tawagin at ordenan at magturo ng mga alituntunin ng ebanghelyo na natatagpuan sa mga banal na kasulatan; 13–17, Sila ay magtuturo at magpopropesiya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu; 18–29, Ang mga Banal ay inutusang huwag pumatay, magnakaw, magsinungaling, magnasa, makiapid, o magsalita ng masama laban sa iba; 30–39, Ang mga batas na mamamahala sa paglalaan ng mga ari-arian ay itinakda; 40–42, Kapalaluan at katamaran ay isinumpa; 43–52, Ang mga maysakit ay pagagalingin sa pamamagitan ng mga paglalapat at sa pamamagitan ng pananampalataya; 53–60, Ang mga banal na kasulatan ang namamahala sa Simbahan at kinakailangang ipahayag sa sanlibutan; 61–69, Ang lugar ng Bagong Jerusalem at ang mga hiwaga ng kaharian ay ipahahayag; 70–73, Ang mga inilaang ari-arian ay gagamitin upang tustusan ang mga pinuno ng Simbahan; 74–93, Ang mga batas na namamahala sa pangangalunya, pakikiapid, pagpatay, pagnanakaw, at pag-amin sa mga kasalanan ay ibinigay.*

MAKINIG, O kayong mga elder ng aking simbahan, na magkakasamang nagtipun-tipon ng inyong sarili sa aking pangalan, maging si Jesucristo, ang Anak ng buhay na Diyos, ang Tagapagligtas ng sanlibutan; yayamang kayo ay naniniwala sa aking pangalan at sumusunod sa aking mga kautusan.

2 Muli kong sinasabi sa inyo, makinig at dinggin at sundin ang [a]batas na aking ibibigay sa inyo.

3 Sapagkat katotohanan kong sinasabi, yayamang kayo ay sama-samang nagtipun-tipon ng inyong sarili alinsunod sa [a]kautusan na aking ipinag-utos sa inyo, at sinang-ayunan ang [b]tungkol sa isang bagay na ito, at nagtanong sa Ama sa aking pangalan, kaya naman kayo ay makatatanggap.

4 Masdan, katotohanan sinasabi ko sa inyo, ibinigay ko sa inyo itong unang kautusan, na kayo ay hahayo sa aking pangalan, bawat isa sa inyo, maliban sa aking tagapaglingkod na sina Joseph Smith, Jun., at Sidney Rigdon.

5 Aking ibinigay sa kanila ang isang kautusan na sila ay hahayo sa isang maikling panahon, at ibibigay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng [a]Espiritu kung kailan sila babalik.

6 At kayo ay hahayo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng aking Espiritu, mangangа-

**42** 2*a* D at T 58:23.
GBK Batas.
3*a* D at T 38:32.
*b* Mat. 18:19.
5*a* GBK Espiritu Santo.

ral ng aking ebanghelyo, [a]dala-
dalawa, sa aking pangalan, la-
lakasan ang inyong mga tinig
gaya ng tunog ng isang paka-
kak, na nagpapahayag ng aking
salita katulad ng mga anghel
ng Diyos.
7 At kayo ay hahayong magbi-
binyag sa pamamagitan ng tu-
big, sinasabing: Magsisi kayo,
magsisi kayo, sapagkat ang ka-
harian ng langit ay nalalapit na.
8 At mula sa pook na ito kayo
ay hahayo sa mga lupaing pa-
kanluran; at yayamang inyong
matatagpuan sila na mga ta-
tanggap sa inyo ay inyong ita-
tatag ang aking simbahan sa
bawat lupain—
9 Hanggang sa dumating ang
panahon kung kailan ay ipaha-
hayag sa inyo mula sa kaitaa-
san, kung kailan ang [a]lunsod ng
[b]Bagong Jerusalem ay ihahanda,
upang kayo ay [c]matipon bilang
isa, upang kayo ay aking ma-
ging [d]tao at ako ay maging Diyos
ninyo.
10 At muli, sinasabi ko sa inyo,
na ang aking tagapaglingkod na
si [a]Edward Partridge ay tatayo
sa katungkulan na aking itina-
laga sa kanya. At ito ay mang-
yayari na kung siya ay magka-
kasala may [b]ibang itatalaga na
kapalit niya. Maging gayon nga.
Amen.
11 At muli sinasabi ko sa inyo,
na hindi ibibigay sa sinuman
na humayo upang [a]mangaral ng
aking ebanghelyo, o magtatag
ng aking simbahan, maliban na
siya ay [b]inordenan ng isang may
[c]karapatan, at alam sa simbahan
na siya ay may karapatan at ma-
ayos na inordenan ng mga pi-
nuno ng simbahan.
12 At muli, ang mga [a]elder, sa-
serdote at guro ng simbahang
ito ay [b]magtuturo ng mga ali-
tuntunin ng aking ebanghelyo,
na nasa [c]Biblia at [d]Aklat ni Mor-
mon, na kung saan ang kabuu-
an ng [e]ebanghelyo.
13 At kanilang tutuparin ang
mga tipan at saligan ng simba-
han na gawin ang mga yaon, at
ang mga ito ang kanilang ma-
giging mga aral, habang sila ay
ginagabayan ng Espiritu.
14 At ang Espiritu ay ibibigay
sa inyo sa pamamagitan ng [a]pa-
nalangin nang may pananam-
palataya; at kung hindi ninyo
natanggap ang [b]Espiritu kayo
ay hindi magtuturo.

6*a* Mar. 6:7. GBK Gawaing Pangmisyonero.
9*a* D at T 57:1–2.
*b* Eter 13:2–11; D at T 45:66–71; 84:2–5; Moi. 7:62; S ng P 1:10. GBK Bagong Jerusalem.
*c* GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
*d* Zac. 8:8.
10*a* D at T 41:9–11; 124:19.
*b* D at T 64:40.
11*a* GBK Mangaral.
*b* GBK Tawag, Tinawag ng Diyos, Pagkakatawag; Ordenan, Pag-oorden.
*c* GBK Karapatan; Pagkasaserdote.
12*a* GBK Elder.
*b* Mos. 18:19–20; D at T 52:9, 36. GBK Turuan, Guro.
*c* GBK Biblia.
*d* GBK Aklat ni Mormon; Banal na Kasulatan, Mga—Kahalagahan ng mga banal na kasulatan.
*e* GBK Ebanghelyo.
14*a* D at T 63:64. GBK Panalangin.
*b* GBK Espiritu Santo; Turuan, Guro—Pagtuturo na may Espiritu.

15 At ang lahat ng ito ay inyong tutuparing gawin tulad nang aking iniutos hinggil sa inyong pagtuturo, hanggang ang kabuuan ng aking mga banal na [a]kasulatan ay ibigay.

16 At habang inyong itina taas ang inyong mga tinig sa pamamagitan ng [a]Mang-aaliw, kayo ay magsasalita at magpopropesiya sa inaakala kong mabuti sa akin;

17 Sapagkat, masdan, batid ng Mang-aaliw ang lahat ng bagay, at nagpapatotoo sa Ama at sa Anak.

18 At ngayon, masdan, ako ay nagsasalita sa simbahan. Huwag kayong [a]papatay; at siya na [b]pumatay ay hindi makatatamo ng kapatawaran sa daigdig na ito, o maging sa daigdig na darating.

19 At muli, sinasabi ko, huwag kayong papatay; subalit siya na pumatay ay [a]mamamatay.

20 Huwag kayong [a]magnanakaw; at siya na nagnanakaw at hindi magsisisi ay ititiwalag.

21 Huwag kayong [a]magsisinungaling; siya na nagsisinungaling at hindi magsisisi ay ititiwalag.

22 Inyong [a]mahalin ang inyong asawa nang buo ninyong puso, at [b]pumisan sa kanya at wala nang iba.

23 At siya na titingin sa isang babae upang [a]magnasa sa kanya ay magtatatwa sa pananampalataya, at hindi makatatamo ng Espiritu; at kung hindi siya magsisisi siya ay ititiwalag.

24 Huwag kayong [a]makikiapid; at siya na nakikiapid, at hindi magsisisi, ay ititiwalag.

25 Subalit siya na nakiapid at [a]nagsisisi nang buong puso, at tatalikdan ito, at hindi na ito muling gagawin, ay inyong [b]patatawarin;

26 Subalit kung kanyang gagawin itong [a]muli, siya ay hindi patatawarin, datapwat siya ay ititiwalag.

27 Huwag kayong [a]magsasalita ng masama sa inyong kapwa, ni gumawa sa kanya ng masama.

28 Batid ninyo na ang aking mga batas hinggil sa mga bagay na ito ay ibinigay sa aking mga banal na kasulatan; siya na nagkasala at hindi nagsisi ay [a]ititiwalag.

29 Kung [a]mahal ninyo ako kayo ay [b]maglilingkod sa akin

15*a* D at T 42:56–58.
16*a* 1 Cor. 2:10–14; D at T 68:2–4. GBK Mang-aaliw.
18*a* Ex. 20:13–17; Mat. 5:21–37; 2 Ne. 9:35; Mos. 13:21–24; 3 Ne. 12:21–37.
*b* GBK Pagpaslang.
19*a* GBK Mabigat na Kaparusahan.
20*a* GBK Magnakaw, Pagnanakaw.
21*a* GBK Matapat, Katapatan; Pagsisinungaling.
22*a* GBK Pagmamahal; Kasal, Pagpapakasal.
*b* Gen. 2:23–24; Ef. 5:25, 28–33.
23*a* Mat. 5:28; 3 Ne. 12:28; D at T 63:16. GBK Pagnanasa.
24*a* GBK Pakikiapid.
25*a* GBK Magsisi, Pagsisisi.
*b* Juan 8:3–11. GBK Magpatawad.
26*a* 2 Ped. 2:20–22; D at T 82:7.
27*a* GBK Tsismis.
28*a* GBK Pagtitiwalag.
29*a* Juan 14:15, 21.
*b* GBK Paglilingkod.

at [c]susunod sa lahat ng aking kautusan.

30 At masdan, inyong alalahanin ang mga [a]maralita, at [b]maglaan ng inyong mga ari-arian para sa kanilang [c]panustos na inyong kinakailangang ibigay sa kanila, kalakip ang isang tipan at isang kasulatan na hindi maaaring labagin.

31 At yayamang kayo ay [a]nagbabahagi ng inyong ari-arian sa mga [b]maralita, ito ay inyong ginagawa sa akin; at ang mga yaon ay ibibigay sa harapan ng [c]obispo ng aking simbahan at sa kanyang mga tagapayo, dalawa sa mga elder, o mataas na saserdote, na kanyang itatalaga o [d]itinalaga para sa ganoong layunin.

32 At ito ay mangyayari, na matapos ang mga ito ay maibigay sa harapan ng obispo ng aking simbahan, at matapos niyang matanggap ang mga patotoong ito hinggil sa [a]paglalaan ng mga ari-arian ng aking simbahan, na ang mga yaon ay hindi na makukuha mula sa simbahan, alinsunod sa aking mga kautusan, bawat tao ay [b]mananagot sa akin, isang [c]katiwala sa kanyang sariling ari-arian, o sa yaong kanyang natanggap sa pamamagitan ng paglalaan, yayamang sapat na para sa kanyang sarili at [d]mag-anak.

33 At muli, kung may mga ariarian sa mga kamay ng simbahan, o ng sinumang tao nito, na labis pa sa kailangan nilang panustos pagkatapos ng unang paglalaang ito, na siyang [a]natira na ilalaan sa obispo, ito ay itatago para sa pagtulong sa mga yaong wala, sa pana-panahon, upang ang bawat tao na may pangangailangan ay sapat na matustusan at makatanggap alinsunod sa kanyang pangangailangan.

34 Samakatwid, ang mga natira ay itatago sa aking kamalig, para sa pagtulong sa mga maralita at nangangailangan, alinsunod sa itatakda ng mataas na kapulungan ng simbahan, at ng obispo at ng kanyang kapulungan;

35 At para sa layunin ng pagbili ng mga lupain para sa panlahatang kapakanan ng simbahan, at pagtatatayo ng mga gusali para sa pagsamba, at pagtatatag ng [a]Bagong Jerusalem na ipahahayag pagkaraan nito—

36 Upang ang aking mga pinagtipanang tao ay matipon bilang isa sa araw na yaong ako ay [a]paroroon sa aking [b]templo. At ito ay aking gagawin para sa kaligtasan ng aking mga tao.

---

29*c* gbk Pagsunod, Masunurin, Sumunod.
30*a* Mos. 4:16–26; Alma 1:27. gbk Maralita.
*b* gbk Paglalaan, Batas ng Paglalaan.
*c* gbk Kapakanan.
31*a* Mos. 2:17. gbk Limos, Paglilimos.
*b* gbk Maralita.
*c* gbk Obispo.
*d* gbk Pagtatalaga.
32*a* D at T 51:4.
*b* D at T 72:3–11. gbk Mananagot, Pananagutan, May Pananagutan.
*c* gbk Katiwala, Ipinagkatiwala.
*d* D at T 51:3.
33*a* D at T 42:55; 51:13; 119:1–3.
35*a* gbk Bagong Jerusalem; Sion.
36*a* D at T 36:8.
*b* Mal. 3:1.

37 At ito ay mangyayari, na siya na nagkasala at hindi nagsisisi ay [a]ititiwalag mula sa simbahan, at hindi na muling matatanggap ang yaong kanyang [b]inilaan sa mga maralita at sa nangangailangan ng aking simbahan, o sa ibang salita, sa akin—
38 Sapagkat yayamang ito ay [a]ginagawa ninyo sa pinakamaliit sa mga ito, ito ay sa akin ninyo ginagawa.
39 Sapagkat ito ay mangyayari, na yaong aking sinabi sa pamamagitan ng mga bibig ng aking mga propeta ay matutupad; sapagkat aking ilalaan ang mga kayamanan ng mga yaong yumakap ng aking ebanghelyo sa mga Gentil sa mga maralita ng aking tao na kabilang sa sambahayan ni Israel.
40 At muli, kayo ay hindi nararapat na maging [a]palalo sa inyong puso; maging payak ang lahat ng inyong [b]kasuotan, at ang kagandahan ng mga ito ay kagandahan ng gawa ng sarili ninyong mga kamay;
41 At ang lahat ng bagay ay gawin sa kalinisan sa harapan ko.
42 Huwag kayong maging [a]tamad; sapagkat siya na tamad ay hindi makakakain ng tinapay ni makapagsusuot ng kasuotan ng manggagawa.
43 At sinuman sa inyo ang may [a]sakit, at walang pananampalataya upang mapagaling, subalit naniniwala, ay pangangalagaan nang buong pagmamahal, ng mga halamang gamot at pagkaing madaling matunaw, at hindi yaong sa pamamagitan ng kamay ng kaaway.
44 At ang mga elder ng simbahan, dalawa o higit pa, ay tatawagin, at mananalangin at magpapatong ng kanilang mga [a]kamay sa kanila sa aking pangalan; at kung sila ay mamamatay sila ay [b]mamamatay sa akin, at kung sila ay mabubuhay sila ay mabubuhay sa akin.
45 Kayo ay [a]mamuhay nang magkakasama sa [b]pag-ibig, kaya nga [c]tatangisan ninyo ang pagkawala ng mga yaong namatay, at lalung-lalo na ang mga yaong walang [d]pag-asa sa isang maluwalhating pagkabuhay na mag-uli.
46 At ito ay mangyayari na yaong namatay sa akin ay hindi matitikman ang [a]kamatayan, sapagkat ito ay magiging [b]matamis para sa kanila;
47 At sila na hindi namatay sa akin, sa aba nila, sapagkat ang kanilang kamatayan ay mapait.

---

37*a* D at T 41:5; 50:8–9. GBK Pagtitiwalag.
*b* GBK Paglalaan, Batas ng Paglalaan.
38*a* Mat. 25:34–40. GBK Pag-ibig sa Kapwa-tao; Kapakanan.
40*a* Kaw. 16:5. GBK Kapalaluan.
*b* GBK Kayumian.
42*a* D at T 68:30–32. GBK Tamad, Katamaran.
43*a* GBK Karamdaman, May Karamdaman.
44*a* GBK Pangangasiwa sa Maysakit; Kamay, Pagpapatong ng mga.
*b* Rom. 14:8; Apoc. 14:13; D at T 63:49.
45*a* 1 Juan 4:16, 20–21.
*b* GBK Pagmamahal.
*c* Alma 28:11–12.
*d* 1 Cor. 15:19–22. GBK Pag-asa.
46*a* GBK Kamatayan, Pisikal na.
*b* Apoc. 14:13.

48 At muli, ito ay mangyayari na siya na may [a]pananampalataya sa akin na [b]mapagaling, at hindi [c]itinakda sa kamatayan, ay mapagagaling.

49 Siya na may pananampalatayang makakita ay makakikita.

50 Siya na may pananampalatayang makarinig ay makaririnig.

51 Ang lumpong may pananampalatayang makatalon ay makatatalon.

52 At sila na walang pananampalatayang gawin ang mga bagay na ito, subalit naniniwala sa akin, ay may kapangyarihang maging aking mga [a]anak; at yayamang hindi nila nilalabag ang aking mga batas inyong [b]babatahin ang kanilang mga kahinaan.

53 Kayo ay tatayo sa lugar ng inyong [a]pinangangasiwaan.

54 Huwag ninyong kunin ang kasuotan ng inyong kapatid; babayaran ninyo ang yaong inyong matatanggap mula sa inyong kapatid.

55 At kung kayo ay [a]makatatanggap nang labis para sa inyong panustos, ito ay ibibigay ninyo sa aking [b]kamalig, upang ang lahat ng bagay ay magawa alinsunod sa yaong aking sinabi.

56 Kayo ay hihingi, at ang aking mga banal na [a]kasulatan ay ibibigay gaya ng aking itinakda, at ang mga yaon ay [b]pangangalagaan sa kaligtasan;

57 At kinakailangan na kayo ay manahimik muna hinggil sa mga yaon, at huwag ituro ang mga yaon hanggang sa matanggap ninyo ang kabuuan ng mga yaon.

58 At ako ay nagbibigay sa inyo ng isang kautusan na pagkatapos ay inyong ituturo ang mga yaon sa lahat ng tao; sapagkat ang mga ito ay ituturo sa [a]lahat ng bansa, lahi, wika at tao.

59 At inyong kukunin ang mga bagay na inyong natanggap, na ibinigay sa inyo sa aking mga banal na kasulatan bilang isang batas, upang maging batas ko upang pamahalaan ang aking simbahan;

60 At siya na [a]gumagawa alinsunod sa mga bagay na ito ay maliligtas, at siya na hindi gumagawa nito ay [b]parurusahan kung siya ay magpapatuloy.

61 Kung kayo ay hihingi, kayo ay makatatanggap ng [a]paghaha-

48*a* D at T 46:19. GBK Pananampalataya.
*b* GBK Pinagaling, Pagpapagaling.
*c* Ec. 3:1–2; Gawa 17:26; Heb. 9:27; D at T 122:9.
52*a* GBK Anak na Lalaki at Babae ng Diyos, Mga.
*b* Rom. 15:1. GBK Pakikipagkapatiran.
53*a* GBK Katiwala, Ipinagkatiwala.
55*a* D at T 82:17–19; 119:1–3.
*b* D at T 42:34; 51:13.
56*a* Isang pagbanggit sa pagsasalin ng Biblia. D at T 45:60–61.
*b* GBK Banal na Kasulatan, Mga—Kahalagahan ng mga banal na kasulatan.
58*a* D at T 1:2.
60*a* D at T 41:5. GBK Pagsunod, Masunurin, Sumunod.
*b* Moi. 5:15. GBK Kapahamakan.
61*a* GBK Paghahayag.

yag sa paghahayag, ng [b]kaala-
man sa kaalaman, upang inyong
malaman ang mga [c]hiwaga at
[d]mapayapang bagay—yaon na
nagdadala ng [e]kagalakan, yaon
na nagdadala ng buhay na wa-
lang hanggan.
62 Kayo ay magtatanong, at
ito ay ipahahayag sa inyo sa
sarili kong takdang panahon
kung saan itatayo ang [a]Bagong
Jerusalem.
63 At masdan, ito ay mangya-
yari na ang aking mga tagapag-
lingkod ay isusugo sa silangan
at sa kanluran, sa hilaga at sa
timog.
64 At maging ngayon, siya ay
magtungo sa silangan upang
ituro sa kanila na magbabalik-
loob na magtungo sa [a]kanluran,
at ito ay bunga ng yaong dara-
ting sa mundo, at ng [b]lihim na
pakikipagsabwatan.
65 Masdan, inyong tutuparin
ang lahat ng bagay na ito, at ma-
laki ang inyong magiging gan-
timpala; sapagkat sa inyo ay
ibinigay na malaman ang mga
hiwaga ng kaharian, subalit sa
sanlibutan hindi ibinigay na
malaman nila ang mga yaon.
66 Inyong tutuparin ang mga
batas na inyong natanggap at
maging matapat.
67 At mula ngayon matatang-
gap ninyo ang mga [a]tipan sa
simbahan, tulad ng kinakaila-
ngan upang maitatag kayo,
maging dito at sa Bagong Jeru-
salem.
68 Samakatwid, siya na nag-
kukulang ng [a]karunungan, hu-
mingi siya sa akin, at bibigyan
ko siya nang sagana at hindi
siya susumbatan.
69 Pasiglahin ang inyong mga
puso at magalak, sapagkat sa
inyo ang [a]kaharian, o sa mada-
ling salita, ang mga [b]susi ng
simbahan ay ibinigay. Maging
gayon nga. Amen.
70 Ang mga [a]saserdote at [b]guro
ay magkakaroon ng kanilang
mga [c]pangangasiwaan, maging
bilang mga kasapi.
71 At ang mga elder o mataas
na saserdote na siyang itinala-
ga upang tumulong sa obispo
bilang mga tagapayo sa lahat
ng bagay ay nararapat na tus-
tusan ang kanilang mag-anak
mula sa mga ari-arian na [a]inila-
an sa obispo, para sa kabutihan
ng mga maralita, at para sa iba
pang mga layunin, gaya ng na-
banggit noong una;
72 O sila ay nararapat maka-
tanggap ng katamtamang ba-
hagi para sa lahat ng kanilang

61*b* Abr. 1:2. GBK Kaalaman; Patotoo.
*c* D at T 63:23. GBK Hiwaga ng Diyos, Mga.
*d* D at T 39:6.
*e* GBK Kagalakan.
62*a* D at T 57:1–5.
64*a* D at T 45:64.
*b* GBK Lihim na Pagsasabwatan, Mga.
67*a* D at T 82:11–15.
68*a* Sant. 1:5. GBK Karunungan.
69*a* GBK Kaharian ng Diyos o Kaharian ng Langit.
*b* Mat. 16:19; D at T 65:2. GBK Susi ng Pagkasaserdote, Mga.
70*a* GBK Saserdote, Pagkasaserdoteng Aaron.
*b* GBK Guro, Pagkasaserdoteng Aaron.
*c* GBK Katiwala, Ipinagkatiwala.
71*a* GBK Paglalaan, Batas ng Paglalaan.

paglilingkod, maging isang pa-
ngangasiwaan o iba pa, anuman
ang inaakalang mabuti o napag-
kasunduan ng mga tagapayo at
obispo.
73 At ang obispo, rin, ay ma-
katatanggap ng kanyang panus-
tos, o ng katamtamang bahagi
para sa lahat ng kanyang pagli-
lingkod sa simbahan.
74 Masdan, katotohanan sina-
sabi ko sa inyo, na sinumang
tao sa inyo, na hiniwalayan ang
kanilang mga kabiyak sa kada-
hilanan ng [a]pangangalunya, o
sa madaling salita, kung sila ay
magpapatotoo sa harapan nin-
yo nang buong kababaang-loob
na ganito nga ang pangyayari,
hindi ninyo sila ititiwalag sa
inyo;
75 Subalit kung inyong matu-
tuklasan sinumang tao na naki-
paghiwalay sa kanyang kabiyak
para [a]makiapid, at sila ang nag-
kasala, at ang kanilang mga ka-
biyak ay buhay pa, sila ay [b]ititi-
walag sa inyo.
76 At muli, sinasabi ko sa inyo,
na kayo ay maging [a]maalaga at
maingat, nang may buong pag-
sisiyasat, upang hindi kayo ma-
katanggap ng gayon sa inyo
kung sila ay kasal na;
77 At kung sila ay hindi pa ka-
sal, sila ay magsisisi sa lahat ng
kanilang mga kasalanan o hin-
di ninyo sila tatanggapin.
78 At muli, bawat tao na kasa-
pi ng simbahang ito ni Cristo,
ay nararapat tuparin ang la-
hat ng kautusan at tipan ng
simbahan.
79 At ito ay mangyayari, na
kung sinumang tao sa inyo ang
[a]papatay sila ay isusuko at ha-
hatulan alinsunod sa mga batas
ng lupain; sapagkat tandaan na
siya ay walang kapatawaran;
at ito ay patutunayan alinsunod
sa mga batas ng lupain.
80 At kung sinumang lalaki o
babae ang makikiapid, siya ay
lilitisin sa harap ng dalawang
elder ng simbahan, o ng higit
pa, at ang bawat salita ay pa-
pagtibayin laban sa kanya ng
dalawang saksi ng simbahan,
at hindi ng kaaway; subalit
kung may higit pa sa dalawang
saksi ito ay mas makabubuti.
81 Subalit siya ay kailangang
hatulan sa pamamagitan ng bi-
big ng dalawang saksi; at da-
dalhin ng mga elder ang usa-
pin sa harapan ng simbahan, at
itataas ng simbahan ang kani-
lang mga kamay laban sa kan-
ya, upang sila ay hatulan alin-
sunod sa batas ng Diyos.
82 At kung ito ay mangyayari,
kinakailangang ang obispo ay
naroroon din.
83 At ganito ang inyong ga-
gawin sa lahat ng usaping kaha-
harapin ninyo.
84 At kung ang isang lalaki o
babae ay magdarambong, siya
ay isusuko sa batas ng lupain.
85 At kung siya ay [a]magnana-
kaw, siya ay isusuko sa batas
ng lupain.

74*a* GBK Pangangalunya; Seksuwal na Imoralidad.
75*a* GBK Pakikiapid.
*b* GBK Pagtitiwalag.
76*a* GBK Magbantay, Mga Tagabantay.
79*a* GBK Pagpaslang.
85*a* GBK Magnakaw, Pagnanakaw.

86 At kung siya ay [a]magsisinungaling, siya ay isusuko sa batas ng lupain.
87 At kung siya ay gagawa ng anumang uri ng kasamaan, siya ay isusuko sa batas, maging sa Diyos.
88 At kung ang inyong kapatid na [a]lalaki o babae ay [b]magkasala sa inyo, siya ay haharapin ninyo nang kayo lamang; at kung siya ay [c]umamin kayo ay magkasundo.
89 At kung siya ay hindi umamin siya ay dadalhin ninyo sa simbahan, hindi sa mga kasapi, kundi sa mga elder. At ito ay gagawin sa isang pagpupulong, at hindi sa harap ng sanlibutan.
90 At kung ang inyong kapatid na lalaki o babae ay nagkasala sa marami, siya ay [a]parurusahan sa harapan ng marami.
91 At kung sinuman ang nagkasala nang lantaran, siya ay pagagalitan nang lantaran, upang siya ay mapahiya. At kung siya ay hindi aamin, siya ay dadalhin sa batas ng Diyos.
92 At kung mayroon mang magkakasala nang palihim, siya ay pagagalitan nang palihim, upang siya ay magkaroon ng pagkakataong makaamin nang palihim sa taong pinagkasalahan niya, at sa Diyos, upang ang simbahan ay huwag magsalita laban sa kanya.
93 At sa ganito kayo kikilos sa lahat ng bagay.

## BAHAGI 43

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Kirtland, Ohio, noong Pebrero 1831 (* History of the Church, *1:154–156). Sa panahong ito ang ilang kasapi ng Simbahan ay nabalisa ng mga taong gumagawa ng mga maling pag-angkin bilang mga tagapaghayag. Ang Propeta ay nagtanong sa Panginoon at tinanggap ang pakikipagtalastasang ito para sa mga elder ng Simbahan. Ang unang bahagi ay may kinalaman sa mga pamamahala ng Simbahan; ang huling bahagi ay naglalaman ng isang babala na ang mga elder ay kailangang magbigay sa mga bansa sa mundo.*

*1–7, Ang mga paghahayag at kautusan ay nanggagaling lamang sa isang itinalaga; 8–14, Ang mga Banal ay pababanalin sa pamamagitan ng pagkilos nang buong kabanalan sa Panginoon; 15–22, Ang mga elder ay isusugo upang magpahayag ng pagsisisi at ihanda ang mga tao para sa dakilang araw ng Panginoon; 23–28, Ang Panginoon ay tumatawag sa mga tao sa pamamagitan ng kanyang sariling tinig at sa pamamagitan ng mga lakas ng kalikasan; 29–35, Ang Milenyo at ang paggapos kay Satanas ay sasapit.*

86*a* GBK Matapat, Katapatan; Pagsisinungaling.
88*a* GBK Kapatid, Mga, Kapatid na Lalaki, Kapatid na Babae.
*b* Mat. 18:15–17.
*c* GBK Pagtatapat, Magtapat.
90*a* GBK Parusa, Pagpaparusa.

O MAKINIG, kayong mga
elder ng aking simbahan,
at pakinggan ang mga salita na
aking sasabihin sa inyo.
2 Sapagkat masdan, katotoha-
nan, katotohanan, sinasabi ko sa
inyo, na inyong natanggap ang
kautusan upang maging [a]batas
sa aking simbahan, sa pama-
magitan niya na aking itinala-
ga sa inyo na tumanggap ng
mga [b]kautusan at paghahayag
mula sa aking kamay.
3 At ito ay tiyak ninyong mala-
laman—na wala nang iba pang
itinalaga sa inyo upang tumang-
gap ng kautusan at mga pagha-
hayag hanggang sa siya ay ku-
nin, kung siya ay [a]mananatili sa
akin.
4 Subalit katotohanan, katoto-
hanan, sinasabi ko sa inyo, na
[a]walang ibang itinalaga para sa
kaloob na ito maliban sa ito ay
sa pamamagitan niya; sapag-
kat kung ito ay kukunin mula
sa kanya siya ay mawawalan ng
kapangyarihan maliban sa mag-
talaga ng iba bilang kapalit niya.
5 At ito ay magiging batas sa
inyo, na hindi ninyo tatangga-
pin ang mga turo ninuman na
darating sa inyo bilang mga
paghahayag o kautusan;
6 At ito ay ibinibigay ko sa inyo
upang hindi kayo [a]malinlang,
upang malaman ninyo na ang
mga ito ay hindi sa akin.
7 Sapagkat katotohanang si-
nasabi ko sa inyo, na siya na
[a]inordenan ko ay makapapasok
sa [b]pintuan at maoordenan gaya
ng aking sinabi noon sa inyo,
upang ituro yaong mga pagha-
hayag na inyong tinanggap at
tatanggapin sa pamamagitan
niya na aking itinalaga.
8 At ngayon, masdan, bini-
bigyan ko kayo ng isang ka-
utusan, na kung kayo ay mag-
kakasamang nagtitipun-tipon
kayo ay [a]magturuan at patiba-
yin ang bawat isa, upang mala-
man ninyo kung paano kumi-
los at pamahalaan ang aking
simbahan, kung paano kumi-
los sa mga bahagi ng aking ba-
tas at mga kautusan, na aking
ibinigay.
9 At sa gayon kayo ay matutu-
ruan sa batas ng aking simba-
han, at [a]mapababanal sa yaong
inyong tinanggap, at inyong
ipangangako ang inyong sarili
na kumilos nang buong kaba-
nalan sa harapan ko—
10 Na yayamang ginagawa
ninyo ito, ang kaluwalhatian
ay [a]idaragdag sa kahariang in-
yong natanggap. Yayamang hin-
di ninyo ito ginagawa, ito ay
[b]kukunin, maging yaon na in-
yong tinanggap.
11 Tanggalin ang [a]kasamaan
na nasa inyo; pabanalin ang in-
yong sarili sa harapan ko;

**43** 2*a* D at T 42.
*b* GBK Kautusan ng Diyos, Mga; Paghahayag.
3*a* Juan 15:4.
4*a* D at T 28:2–3.
6*a* D at T 46:7. GBK Mapanlinlang, Manlinlang, Panlilinlang.
7*a* GBK Ordenan, Pag-oorden.
*b* Mat. 7:13–14; 2 Ne. 9:41; 31:9, 17–18; 3 Ne. 14:13–14; D at T 22:1–4.
8*a* D at T 88:77.
9*a* GBK Pagpapabanal.
10*a* Alma 12:10.
*b* Mar. 4:25.
11*a* GBK Kasalanan.

12 At kung ninanais ninyo ang mga kaluwalhatian ng kaharian, italaga ninyo ang aking tagapaglingkod na si Joseph Smith, Jun., at [a]itaguyod siya sa harapan ko sa pamamagitan ng panalangin na may pananampalataya.

13 At muli, sinasabi ko sa inyo, na kung ninanais ninyo ang mga [a]hiwaga ng kaharian, maglaan para sa kanya ng pagkain at kasuotan, at anumang bagay na kanyang kakailanganin upang maisakatuparan ang gawaing aking ipinag-utos sa kanya;

14 At kung hindi ninyo ito gagawin siya ay mananatili sa kanila na tumanggap sa kanya, upang mailaan ko sa aking sarili ang mga taong [a]dalisay na nasa harapan ko.

15 Muli aking sinasabi, makinig kayong mga elder ng aking simbahan, na siyang aking itinalaga: Kayo ay hindi isinugo upang maturuan, kundi upang [a]turuan ang mga anak ng tao ng mga bagay na aking inilagay sa inyong mga kamay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng aking [b]Espiritu;

16 At kayo ay kailangang [a]maturuan mula sa kaitaasan. [b]Pabanalin ang inyong sarili at kayo ay [c]pagkakalooban ng kapangyarihan, nang kayo ay makapagbigay maging gaya ng aking sinabi.

17 Makinig kayo, sapagkat, masdan, ang [a]dakilang [b]araw ng Panginoon ay nalalapit na.

18 Sapagkat darating ang araw na [a]magsasalita ang Panginoon mula sa kalangitan; ang kalangitan ay [b]manginginig at ang mundo ay [c]mayayanig, at ang [d]pakakak ng Diyos ay tutunog nang matagal at malakas, at sasabihin sa natutulog na mga bansa: Kayong mga banal [e]bumangon at mabuhay; kayong mga makasalanan [f]manatili at [g]matulog hanggang sa ako ay muling tatawag.

19 Samakatwid bigkisan ang inyong mga balakang at baka kayo matagpuan sa masasama.

20 Itaas ang inyong mga tinig at walang paligtasin. Manawagan sa mga bansa na magsisi, kapwa matanda at bata, kapwa alipin at malaya, sinasabing: Ihanda ang inyong sarili para sa dakilang araw ng Panginoon;

21 Sapagkat kung ako, na isang tao, ay nagtaas ng aking tinig

---

12*a* GBK Pagtataguyod sa mga Pinuno ng Simbahan.
13*a* GBK Hiwaga ng Diyos, Mga.
14*a* GBK Dalisay, Kadalisayan.
15*a* GBK Gawaing Pangmisyonero.
*b* GBK Turuan, Guro—Pagtuturo na may Espiritu.
16*a* GBK Inspirasyon.
*b* GBK Pagpapabanal.
*c* Lu. 24:49; D at T 38:32; 95:8–9; 110:8–10.
17*a* Mal. 4:5; D at T 2:1; 34:6–9.
*b* D at T 29:8. GBK Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
18*a* Joel 2:11; D at T 133:50.
*b* Joel 2:10; 3:16; D at T 45:48.
*c* D at T 88:87.
*d* D at T 29:13; 45:45.
*e* GBK Pagkabuhay na Mag-uli.
*f* D at T 76:85; 88:100–101.
*g* Morm. 9:13–14.

at tinawagan kayo na magsisi, at kinapopootan ninyo ako, ano ang inyong masasabi kapag dumating ang araw kung saan ang mga [a]kulog ay mangungusap mula sa mga dulo ng mundo, mangungusap ang kanilang mga tinig sa mga tainga ng lahat ng nabubuhay, sinasabing—Magsisi, at maghanda para sa dakilang araw ng Panginoon?

22 Oo, at muli, kapag ang mga kidlat ay gumuhit mula sa silangan hanggang sa kanluran, at mangungusap ang kanilang mga tinig sa lahat ng nabubuhay, at papapantigin ang mga tainga ng lahat ng nakaririnig, sinasabi ang mga salitang ito—Magsisi kayo, sapagkat ang dakilang araw ng Panginoon ay sumapit na?

23 At muli, mangungusap ang Panginoon mula sa kalangitan, sinasabing: Makinig, O kayong mga bansa sa mundo, at pakinggan ang mga salita ng yaong Diyos na lumikha sa inyo.

24 O, kayong mga bansa sa mundo, gaano kadalas ko kayong tinipong sama-sama katulad ng [a]inahing manok na tinitipon ang kanyang mga sisiw sa ilalim ng kanyang mga pakpak, subalit [b]ayaw ninyo!

25 Makailan kong [a]tinawag kayo sa pamamagitan ng bibig ng aking mga [b]tagapaglingkod, at sa pamamagitan ng [c]paglilingkod ng mga anghel, at sa pamamagitan ng sarili kong tinig, at sa pamamagitan ng tinig ng mga kulog, at sa pamamagitan ng tinig ng mga kidlat, at sa pamamagitan ng tinig ng mga unos, at sa pamamagitan ng tinig ng mga lindol, at matinding ulan ng yelong bato, at sa pamamagitan ng tinig ng mga [d]taggutom at salot ng bawat uri, at sa pamamagitan ng malakas na tunog ng pakakak, at sa pamamagitan ng tinig ng paghuhukom, at sa pamamagitan ng tinig ng [e]awa sa buong araw, at sa pamamagitan ng tinig ng kaluwalhatian at karangalan at ng mga kayamanan ng buhay na walang hanggan, at maliligtas sana kayo nang may [f]walang hanggang kaligtasan, subalit ayaw ninyo!

26 Masdan, ang panahon ay sumapit na, kung kailan ang saro ng poot ng aking pagngingitngit ay puno na.

27 Masdan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, na ito ang mga salita ng Panginoon ninyong Diyos.

28 Samakatwid, gumawa kayo, [a]gumawa kayo sa aking ubasan sa huling pagkakataon—sa huling pagkakataon ay manawagan sa mga naninirahan sa mundo.

---

21*a* 2 Ne. 27:2; D at T 88:90.
24*a* Mat. 23:37; 3 Ne. 10:4–6.
*b* GBK Paghihimagsik.
25*a* Hel. 12:2–4.
*b* Mat. 23:34. GBK Propeta.
*c* D at T 7:6; 130:4–5.
*d* Jer. 24:10; Amos 4:6; D at T 87:6; JS—M 1:29.
*e* GBK Awa, Maawain.
*f* GBK Buhay na Walang Hanggan; Kawalang-kamatayan, Walang Kamatayan; Kaligtasan.
28*a* Jac. 5:71; D at T 33:3. GBK Ubasan ng Panginoon.

29 Sapagkat sa aking sariling takdang panahon ay [a]paparito ako sa lupa sa paghuhukom, at ang aking mga tao ay matutubos at maghaharing kasama ko sa lupa.
30 Sapagkat ang dakilang [a]Milenyo, na aking sinabi sa pamamagitan ng bibig ng aking mga tagapaglingkod, ay darating.
31 Sapagkat si [a]Satanas ay [b]igagapos, at kapag siya ay muling pinakawalan siya ay maghahari lamang ng [c]sandaling panahon, at pagkatapos ay sasapit na ang [d]katapusan ng mundo.
32 At siya na namumuhay sa [a]kabutihan ay [b]magbabago sa isang kisap-mata, at ang mundo ay papanaw maging sa pamamagitan ng apoy.
33 At ang masasama ay matutungo sa di-maapulang [a]apoy, at ang kanilang katapusan walang sinuman ang nakaaalam sa lupa, ni hindi kailanman malalaman, hanggang sa sila ay dumating sa harapan ko sa [b]paghuhukom.
34 Pakinggan ninyo ang mga salitang ito. Masdan, ako si Jesucristo, ang [a]Tagapagligtas ng sanlibutan. [b]Pahalagahan ang mga bagay na ito sa inyong mga puso, at hayaang ang mga [c]kataimtiman ng kawalang-hanggan ay [d]manatili sa inyong mga [e]isipan.
35 Maging [a]mahinahon. Sundin ang lahat ng aking kautusan. Maging gayon nga. Amen.

## BAHAGI 44

*Paghahayag na ibinigay kina Joseph Smith, ang Propeta, at Sidney Rigdon, sa Kirtland, Ohio, sa mga huling araw ng Pebrero 1831 (* History of the Church, *1:157). Bilang pagsunod sa mga pangangailangan na dito ay ibinigay, ang Simbahan ay nagtakda ng isang pagpupulong na gaganapin sa mga unang araw ng buwan ng Hunyong susunod.*

*1–3, Ang mga elder ay magtitipuntipon sa pagpupulong; 4-6, Sila ay isasaayos alinsunod sa mga batas ng lupain at upang kalingain ang mga maralita.*

MASDAN, ganito ang wika ng Panginoon sa inyo aking mga tagapaglingkod, kinakailangan sa akin na ang mga elder ng aking simbahan ay pi-

29*a* GBK Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
30*a* GBK Milenyo.
31*a* 1 Ne. 22:26. GBK Diyablo.
*b* D at T 45:55; 84:100; 88:110.
*c* Apoc. 20:3; Jac. 5:77; D at T 29:22.
*d* GBK Daigdig—Katapusan ng daigdig.
32*a* GBK Matwid, Katwiran.
*b* 1 Cor. 15:51–52; D at T 63:51; 101:31. GBK Pagkabuhay na Mag-uli.
33*a* Mat. 3:12.
*b* GBK Jesucristo—Hukom.
34*a* GBK Tagapagligtas.
*b* JS—M 1:37.
*c* D at T 84:61; 100:7–8.
*d* GBK Pagbulay-bulay.
*e* GBK Isipan.
35*a* Rom. 12:3; D at T 18:21.

sanin, mula sa silangan at mula
sa kanluran, at mula sa hilaga
at mula sa timog, sa pamamagitan ng liham o sa ibang pamamaraan.
2 At ito ay mangyayari, na
yayamang sila ay matapat, at
gumagawa nang may pananampalataya sa akin, ibubuhos
ko ang aking [a]Espiritu sa kanila
sa araw na sama-sama nilang
titipunin ang kanilang sarili.
3 At ito ay mangyayari na sila
ay hahayo sa mga dako sa palibot, at [a]mangangaral ng pagsisisi sa mga tao.
4 At marami ang [a]magbabalik-loob, kung kaya nga't kayo ay
magkakaroon ng kapangyarihan upang isaayos ang inyong
sarili [b]alinsunod sa mga batas
ng tao;
5 Nang ang inyong mga [a]kaaway ay hindi magkaroon ng
kapangyarihan sa inyo; nang
kayo ay mapangalagaan sa lahat ng bagay; nang kayo ay makatupad sa aking mga batas;
nang ang bawat gapos ay malagot kung saan nais wasakin ng
kaaway ang aking mga tao.
6 Masdan, sinasabi ko sa inyo,
na kailangang [a]dalawin ninyo
ang mga maralita at ang mga
nangangailangan at magbigay
sa kanila ng tulong, upang sila
ay maalagaan hanggang sa ang
lahat ng bagay ay magawa alinsunod sa aking batas na natanggap ninyo. Amen.

## BAHAGI 45

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Simbahan, sa Kirtland, Ohio, ika-7 ng Marso 1831 (*History of the Church, *1:158–163). Nilagyan ng paunang salita ang kanyang talaan ng paghahayag na ito, sinabi ng Propeta na "sa gulang na ito ng Simbahan . . . maraming maling ulat . . . at hangal na kuwento, ang nailathala . . . at kumalat, . . . upang mahadlangan ang mga tao sa pagsisiyasat sa gawain, at sa pagyakap sa pananampalataya. . . . Subalit sa kagalakan ng mga Banal, . . . natanggap ko ang mga sumusunod" (*History of the Church, *1:158).*

*1–5, Si Cristo ang ating tagapamagitan sa Ama; 6–10, Ang ebanghelyo ay isang sugo upang ihanda ang daan para sa pagparito ng Panginoon; 11–15, Si Enoc at ang kanyang mga kapatid ay tinanggap ng Panginoon sa kanyang sarili; 16–23, Ipinahayag ni Cristo ang mga palatandaan ng kanyang pagparito tulad ng ibinigay sa Bundok ng mga Olibo; 24–38, Ang ebanghelyo ay ibabalik, ang mga panahon ng mga Gentil ay matutupad, at isang mapamanglaw na karamdaman ang babalot sa lupa; 39–47, Mga palatandaan, kababalaghan, at ang Pag-*

**44** 2*a* Gawa 2:17.
3*a* GBK Mangaral.
4*a* GBK Pagbabalik-loob, Nagbalik-loob.
*b* D at T 98:5–7.
5*a* 2 Ne. 4:33.
6*a* Sant. 1:27. GBK Pagkahabag; Kapakanan.

*kabuhay na mag-uli ang kalakip ng Ikalawang Pagparito; 48–53, Si Cristo ay tatayo sa Bundok ng mga Olibo, at makikita ng mga Judio ang mga sugat sa kanyang mga kamay at paa; 54–59, Ang Panginoon ay maghahari sa Milenyo; 60–62, Ang Propeta ay inatasang simulan ang pagsasalin ng Bagong Tipan, na kung saan ang mahahalagang kaalaman ay ipaaalam; 63–75, Ang mga Banal ay inutusang magtipun-tipon at itayo ang Bagong Jerusalem, kung saan ang mga tao mula sa lahat ng bansa ay paroroon.*

MAKINIG, O kayong mga
tao ng aking [a]simbahan,
kung kanino ang [b]kaharian ay
ibinigay; makinig kayo at pa-
kinggan siya na naglagay ng
saligan ng lupa, na siyang [c]lu-
mikha ng langit at ng lahat ng
hukbo nito, at sa pamamagitan
niya na lumalang ng lahat ng
bagay na nabubuhay, at guma-
galaw, at may pag-iral.
2 At muli sinasabi ko, makinig
sa aking tinig, at baka kayo abu-
tan ng [a]kamatayan; sa [b]oras na
hindi ninyo inaakala ang tag-
init ay palipas na, at ang [c]pag-
aani ay nakaraan na, at ang
inyong mga kaluluwa ay hindi
ligtas.
3 Makinig sa kanya na siyang
[a]tagapamagitan sa Ama, na si-
yang nagsusumamo sa inyong
kapakanan sa harapan niya—
4 Sinasabing: Ama, masdan
ang mga [a]pagdurusa at ang ka-
matayan niya na walang gina-
wang [b]kasalanan, na inyong lu-
bos na kinalulugdan; masdan
ang dugo ng inyong Anak na
nabuhos, ang dugo niya na in-
yong ibinigay upang ang in-
yong sarili ay [c]luwalhatiin;
5 Kaya nga, Ama, iligtas ang
mga kapatid kong ito na [a]nanini-
wala sa aking pangalan, upang
sila ay makaparito sa akin at
magkaroon ng buhay na [b]wa-
lang hanggan.
6 Makinig, O kayong mga tao
ng aking simbahan, at kayong
mga elder ay sama-samang ma-
kinig, at pakinggan ang aking
tinig habang may [a]panahon pa,
at huwag patigasin ang inyong
mga puso;
7 Sapagkat katotohanang si-
nasabi ko sa inyo na ako ang
[a]Alpha at Omega, ang simula
at ang wakas, ang ilaw at ang
buhay ng sanlibutan—[b]ang ilaw
na nagliliwanag sa kadiliman at
ang kadiliman ay hindi ito nau-
unawaan.
8 Ako ay naparito sa sariling
akin, at ang sariling akin ay hin-
di ako tinanggap; subalit kasin-
dami ng tumanggap sa akin ay

**45** 1*a* GBK Simbahan ni Jesucristo.
*b* D at T 50:35.
*c* Jer. 14:22; 3 Ne. 9:15; D at T 14:9. GBK Likha, Paglikha.
2*a* Alma 34:33–35.
*b* Mat. 24:44.
*c* Jer. 8:20; D at T 56:16. GBK Pag-aani.
3*a* D at T 62:1. GBK Tagapamagitan.
4*a* D at T 19:18–19. GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala.
*b* Heb. 4:15.
*c* Juan 12:28.
5*a* D at T 20:25; 35:2; 38:4.
*b* Juan 3:16.
6*a* Heb. 3:13; D at T 64:23–25.
7*a* Apoc. 1:8; 21:6; D at T 19:1.
*b* Juan 1:5.

binigyan ko ng [a]kapangyari-
hang gumawa ng maraming
[b]himala, at maging mga [c]anak
ng Diyos; at maging sa kanila
na [d]naniwala sa aking panga-
lan ay binigyan ko ng kapang-
yarihang makamtan ang buhay
na [e]walang hanggan.
9 At sa gayon ay ipinadala ko
ang aking [a]walang hanggang
[b]tipan sa daigdig, upang maging
ilaw ng sanlibutan, at maging
[c]pinakawatawat para sa aking
mga tao, at para sa mga [d]Gentil
upang hanapin ito, at maging
[e]sugo sa harapan ko upang ihan-
da ang daan para sa aking pag-
parito.
10 Samakatwid, pumarito kayo,
at sa kanya na paparito ako ay
mangangatwiran gaya ng mga
tao noong sinauna, at ipakikita
ko sa inyo ang aking [a]malakas
na pangangatwiran.
11 Samakatwid, makinig ka-
yong sama-sama at hayaang
ipakita ko sa inyo maging ang
aking karunungan—ang karu-
nungan niya na sinasabi nin-
yong ang Diyos ni [a]Enoc, at ng
kanyang mga kapatid,
12 Na [a]kinuha sa mundo, at ti-
nanggap sa aking sarili—isang
[b]lunsod na inilaan hanggang
ang araw ng kabutihan ay su-
mapit—ang araw na hinaha-
ngad ng lahat ng banal na tao, at
hindi nila ito natagpuan dahil
sa kasamaan at mga karumal-
dumal na gawain;
13 At ipinahayag na sila ay pa-
wang [a]taga ibang bayan at mga
manlalakbay sa ibabaw ng lupa;
14 Subalit nagtamo ng [a]panga-
ko na kanilang matatagpuan ito
at makikita ito sa kanilang la-
man.
15 Kaya nga, makinig at ma-
ngangatwiran ako sa inyo, at
mangungusap ako sa inyo at
magpopropesiya, tulad sa mga
tao noong sinauna.
16 At malinaw ko itong ipaki-
kita tulad ng [a]pagpapakita ko
nito sa aking mga disipulo no-
ong ako ay nakatayo sa hara-
pan nila sa laman, at nagsabi sa
kanila, sinasabing: Yayamang ti-
nanong ninyo ako hinggil sa
mga [b]palatandaan ng aking pag-
parito, sa araw kung kailan ako
ay paparito sa aking kaluwal-
hatian sa mga ulap ng langit,
upang tuparin ang mga panga-
ko na aking ginawa sa inyong
mga ama,
17 Yayamang isinaalang-alang
ninyo ang matagal na [a]paglisan

8*a* Mat. 10:1. GBK Kapangyarihan.
*b* GBK Himala.
*c* GBK Anak na Lalaki at Babae ng Diyos, Mga.
*d* GBK Paniniwala, Maniwala; Pananampalataya.
*e* D at T 14:7.
9*a* GBK Bago at Walang Hanggang Tipan.
*b* Jer. 31:31–34; Morm. 5:20.
*c* 2 Ne. 29:2.
*d* Is. 42:6; 2 Ne. 10:9–18.
*e* Mal. 3:1.
10*a* Is. 41:21; D at T 50:10–12.
11*a* Moi. 7:69.
12*a* PJS, Gen. 14:30–34; D at T 38:4; Moi. 7:21.
*b* Moi. 7:62–64. GBK Sion.
13*a* Heb. 11:13; 1 Ped. 2:11.
14*a* Heb. 11:8–13; Moi. 7:63.
16*a* Mat. 24; Lu. 21:7–36; JS—M 1.
*b* GBK Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
17*a* D at T 138:50.

ng inyong mga [b]espiritu sa inyong mga katawan na isang pagkakaalipin, ipakikita ko sa inyo kung paano ang araw ng pagtubos ay sasapit, at gayon din ang [c]panunumbalik ng ikinalat na [d]Israel.

18 At ngayon namamasdan ninyo ang templong ito na nasa Jerusalem, na tinatawag ninyong bahay ng Diyos, at ang inyong mga kaaway ay nagsasabi na ang bahay na ito ay hindi kailanman babagsak.

19 Subalit, katotohanang sinasabi ko sa inyo, na ang kapanglawan ay sasapit sa salinlahing ito kagaya ng isang magnanakaw sa hatinggabi, at ang mga taong ito ay malilipol at ikakalat sa lahat ng bansa.

20 At ang templong ito na nakikita ninyo ngayon ay babagsak na walang maiiwang isang bato sa ibabaw ng ibang bato.

21 At ito ay mangyayari, na ang salinlahing ito ng mga Judio ay hindi lilipas hangga't ang bawat kapanglawan na sinabi ko sa inyo hinggil sa kanila ay mangyayari.

22 Sinasabi ninyo na alam ninyo na ang [a]katapusan ng daigdig ay darating; sinasabi rin ninyo na alam ninyo na ang kalangitan at ang lupa ay lilipas;

23 At ito ay sinasabi ninyo na totoo, sapagkat ito ay gayon nga; subalit ang mga bagay na ito na sinabi ko sa inyo ay hindi lilipas hanggang sa ang lahat ay matupad.

24 At ito ay sinabi ko sa inyo hinggil sa Jerusalem; at kapag ang araw na yaon ay sumapit, ang labi ay [a]ikakalat sa lahat ng bansa;

25 Gayon man sila ay [a]titipuning muli; subalit sila ay mananatiling gayon hanggang sa ang panahon ng mga [b]Gentil ay matupad.

26 At sa araw na [a]iyon ay makaririnig ng mga [b]digmaan at alingawngaw ng digmaan, at ang buong mundo ay magkakagulo, at ang puso ng mga tao ay [c]magsisipanlupaypay, at sasabihin nila na [d]inantala ni Cristo ang kanyang pagparito hanggang sa katapusan ng mundo.

27 At ang pag-ibig ng tao ay manlalamig, at ang kasamaan ay lalaganap.

28 At kapag ang panahon ng mga [a]Gentil ay dumating na, isang [b]ilaw ang magliliwanag sa kanila na mga nakaupo sa kadiliman, at ito ang kabuuan ng aking ebanghelyo;

29 Subalit hindi nila ito [a]tinanggap; sapagkat hindi nila namalas ang ilaw, at inilayo nila

17*b* GBK Espiritu.
*c* GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
*d* 1 Ne. 10:12–14. GBK Israel—Ang pagkalat ng Israel.
22*a* GBK Daigdig—Katapusan ng daigdig.
24*a* 2 Ne. 25:15.
25*a* Neh. 1:9; Is. 11:12–14; 1 Ne. 22:10–12; 2 Ne. 21:12–14.
*b* Lu. 21:24.
26*a* GBK Huling Araw, Mga.
*b* D at T 87; JS—M 1:23.
*c* Lu. 21:26.
*d* 2 Ped. 3:3–10.
28*a* 1 Ne. 15:13.
*b* GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo; Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo.
29*a* Juan 1:5.

ang kanilang mga [b]puso sa akin
dahil sa mga [c]aral ng tao.
30 At sa salinlahing yaon ang
panahon ng mga Gentil ay matutupad.
31 At may mga taong mabubuhay sa salinlahing yaon, na
hindi mamamatay hanggang sa
makita nila ang labis na [a]pagpaparusa; sapagkat isang mapamanglaw na karamdaman
ang babalot sa lupa.
32 Subalit ang aking mga disipulo ay [a]tatayo sa mga banal na
lugar, at hindi matitinag; subalit sa masasama, ang mga tao ay
magtataas ng kanilang mga tinig at [b]isusumpa ang Diyos at
mamamatay.
33 At magkakaroon din ng mga
[a]paglindol sa iba't ibang dako,
at maraming kapanglawan; gayon pa man patitigasin ng mga
tao ang kanilang mga puso laban sa akin, at kanilang kukunin ang [b]espada, isa laban sa isa,
at papatayin nila ang isa't isa.
34 At ngayon, nang ako, ang
Panginoon ay sabihin ang mga
salitang ito sa aking mga disipulo, sila ay nabagabag.
35 At sinabi ko sa kanila: Huwag kayong [a]mabagabag, sapagkat, sa panahong ang mga
bagay na ito ay mangyari, malalaman ninyo na ang mga pangakong ginawa sa inyo ay matutupad.
36 At kapag ang ilaw ay magsimulang lumiwanag, sa kanila
ito ay mahahalintulad sa isang
talinghaga na aking ipakikita
sa inyo—
37 Nakikita ninyo at namamasdan ang mga puno ng [a]igos, at
nakikita ninyo ang mga ito ng
inyong mga mata, at sinasabi
ninyo na kapag nagsimula nang
sumibol ang mga ito, at ang mga
dahon ay mura pa, na ang tag-init ay nalalapit na;
38 Gayon din ito sa araw na
iyon kapag makikita nila ang
lahat ng bagay na ito, sa gayon
ay malalaman nila na ang oras
ay nalalapit na.
39 At ito ay mangyayari na siya
na [a]natatakot sa akin ay [b]tatanaw sa [c]dakilang araw ng Panginoon na dumating, maging
sa mga [d]palatandaan ng pagparito ng [e]Anak ng Tao.
40 At makakikita sila ng mga
palatandaan at kababalaghan,
sapagkat ang mga ito ay ipakikita sa langit sa itaas, at sa lupa
sa ibaba.
41 At makamamalas sila ng
dugo, at [a]apoy, at mga singaw
ng usok.
42 At bago dumating ang araw
ng Panginoon, ang [a]araw ay

29*b* Mat. 15:8–9.
*c* D at T 3:6–8; 46:7; JS—K 1:19.
31*a* D at T 5:19–20; 97:22–25.
32*a* D at T 101:21–22, 64.
*b* Apoc. 16:11, 21.
33*a* D at T 43:18; 88:87–90.
*b* D at T 63:33.
35*a* Mat. 24:6.
37*a* Mar. 13:28; Lu. 21:29–31.
39*a* D at T 10:55–56. GBK Takot—Takot sa Diyos; Pagsunod, Masunurin, Sumunod.
*b* 2 Ped. 3:10–13; D at T 35:15–16; Moi. 7:62.
*c* GBK Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
*d* GBK Palatandaan ng Panahon, Mga.
*e* GBK Anak ng Tao.
41*a* D at T 29:21; 97:25–26.
42*a* Joel 2:10; Apoc. 6:12; D at T 88:87; 133:49.

magdidilim, at ang buwan ay magkukulay dugo, at ang mga bituin ay mangagbabagsakan mula sa langit.
43 At ang labi ay titipunin sa dakong ito;
44 At saka nila ako hahanapin, at, masdan, ako ay paparito; at makikita nila ako sa mga alapaap ng langit, nadaramitan ng kapangyarihan at dakilang [a]kaluwalhatian; kasama ang lahat ng banal na anghel; at siya na hindi [b]naghihintay sa akin ay ihihiwalay.
45 Subalit bago bumagsak ang bisig ng Panginoon, isang anghel ang iihip ng kanyang [a]pakakak, at ang mga banal na nakatulog ay [b]magsisibangon upang salubungin ako sa [c]alapaap.
46 Samakatwid, kung kayo ay nakatulog sa [a]kapayapaan pinagpala kayo; sapagkat yayamang namamasdan na ninyo ako ngayon at nalalaman na ako nga, gayon din ay [b]lalapit kayo sa akin at ang inyong mga kaluluwa ay [c]mabubuhay, at ang inyong pagkatubos ay magiging ganap; at ang mga banal ay magsisibangon mula sa apat na sulok ng mundo.
47 Pagkatapos ay babagsak ang [a]bisig ng Panginoon sa mga bansa.
48 At pagkatapos ay iyayapak ng Panginoon ang kanyang mga paa sa [a]bundok na ito, at mahahati ito sa dalawa, at ang lupa ay [b]mayayanig, at gigiray at ang kalangitan [c]ay mangininginig din.
49 At ang Panginoon ay mangungusap sa kanyang tinig, at ang mga dulo ng mundo ay makaririnig nito; at ang mga bansa ng mundo ay [a]magdadalamhati, at sila na nagsihalakhak ay makikita ang kanilang kamalian.
50 At kapahamakan ang babalot sa mapangutya, at ang mapanghamak ay tutupukin; at sila na nagbabantay sa kasamaan ay puputulin at itatapon sa apoy.
51 At pagkatapos ay [a]titingin ang mga [b]Judio sa akin at sasabihin: Ano itong mga sugat sa iyong mga kamay at sa iyong mga paa?
52 Pagkatapos ay malalaman nila na ako ang Panginoon; sapagkat sasabihin ko sa kanila: Ang mga sugat na ito ang mga naging [a]sugat ko sa bahay ng aking mga kaibigan. Ako ang siyang itinaas. Ako si Jesus na [b]ipinako sa krus. Ako ang Anak ng Diyos.
53 At pagkatapos ay [a]mananangis sila dahil sa kanilang mga kasalanan; pagkatapos ay mananaghoy sila dahil kanilang inusig ang kanilang [b]hari.

---

44*a* GBK Jesucristo—Kaluwalhatian ni Jesucristo.
*b* Mat. 24:43–51; Mar. 13:32–37.
45*a* D at T 29:13; 43:18.
*b* D at T 88:96–97. GBK Pagkabuhay na Mag-uli.
*c* 1 Tes. 4:16–17.
46*a* Alma 40:12.
*b* Is. 55:3.
*c* GBK Buhay na Walang Hanggan.
47*a* D at T 1:12–16.
48*a* Zac. 14:4.
*b* D at T 43:18; 88:87.
*c* Joel 3:16; D at T 49:23.
49*a* D at T 87:6.
51*a* GBK Judio, Mga.
*b* Zac. 12:10.
52*a* Zac. 13:6.
*b* GBK Pagpapako sa Krus.
53*a* Apoc. 1:7.
*b* Lu. 23:38; Juan 19:3, 14–15.

54 At pagkatapos ay tutubusin ang mga bansang [a]pagano, at sila na hindi nakaaalam sa batas ay makababahagi sa unang [b]pagkabuhay na mag-uli; at ito ay [c]makakayanan nila.

55 At si [a]Satanas ay [b]igagapos, upang siya ay mawalan ng puwang sa mga puso ng mga anak ng tao.

56 At sa [a]araw na iyon, kung kailan ako ay paparito sa aking kaluwalhatian, ay matutupad ang talinghaga na aking sinabi hinggil sa sampung [b]birhen.

57 Sapagkat sila na matatalino at nakatamo ng [a]katotohanan, at tinanggap ang Banal na Espiritu bilang kanilang [b]patnubay, at hindi mga [c]nalinlang—katotohanang sinasabi ko sa inyo, sila ay hindi puputulin at itatapon sa [d]apoy, kundi mananatili sa araw na yaon.

58 At ang [a]lupa ay ibibigay sa kanila upang maging [b]mana; at sila ay darami at magiging malakas, at ang kanilang mga anak ay [c]magsisilaking walang kasalanan tungo sa [d]kaligtasan.

59 Sapagkat ang Panginoon ay nasa [a]gitna nila, at ang kanyang kaluwalhatian ay mapapasakanila, at siya ay kanilang maging hari at kanilang [b]tagapagbigay ng batas.

60 At ngayon, masdan, sinasabi ko sa inyo, hindi na ipagkakaloob sa iyo na higit mo pang malaman ang hinggil sa kabanatang ito, hanggang sa ang [a]Bagong Tipan ay maisalin, at dito ang lahat ng bagay na ito ay ipaaalam;

61 Dahil dito ipinagkakaloob ko sa iyo na ikaw ay magsalin na nito ngayon, upang ikaw ay maging handa para sa mga bagay na darating.

62 Sapagkat katotohanang sinasabi ko sa iyo, na mahahalagang bagay ang naghihintay sa iyo;

63 Kayo ay nakaririnig ng mga [a]digmaan sa mga ibang lupain; subalit, masdan, sinasabi ko sa inyo, ang mga ito ay nalalapit na, maging sa inyong mga pintuan, at ilang taon mula ngayon ay makaririnig kayo ng mga digmaan sa sarili ninyong mga lupain.

64 Dahil dito ako, ang Panginoon, ay nagsabi, kayo ay magsialis sa mga lugar sa [a]silangan, magkakasamang tipunin ang inyong sarili kayong mga elder ng aking simbahan; magsitungo

54*a* Ez. 36:23; 39:21.
*b* GBK Pagkabuhay na Mag-uli.
*c* D at T 75:22.
55*a* GBK Diyablo.
*b* Apoc. 20:2; 1 Ne. 22:26; D at T 43:31; 88:110.
56*a* GBK Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
*b* Mat. 25:1–13; D at T 63:54.
57*a* GBK Katotohanan.
*b* GBK Espiritu Santo.
*c* JS—M 1:37.
*d* D at T 29:7–9; 63:34; 64:23–24; 101:22–25.
58*a* GBK Milenyo.
*b* Mat. 5:5.
*c* D at T 63:51; 101:29–31.
*d* GBK Kaligtasan.
59*a* D at T 29:11; 104:59.
*b* Gen. 49:10; Zac. 14:9; D at T 38:21–22.
60*a* GBK Pagsasalin ni Joseph Smith (PJS). Tingnan din sa Mga Pinili mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia.
63*a* D at T 38:29; 87:1–5; 130:12.
64*a* D at T 42:64.

kayo sa mga bansa sa kanluran, manawagan sa mga naninirahan na magsipagsisi, at yayamang sila ay nagsisisi, ay magtayo ng mga simbahan para sa akin.

65 At may isang puso at isang pag-iisip, tipunin ang inyong mga kayamanan upang kayo ay [a]makabili ng mana na itatakda sa inyo pagkaraan nito.

66 At ito ay tatawaging [a]Bagong Jerusalem, isang [b]lupa ng [c]kapayapaan, isang lunsod ng [d]kanlungan, isang lugar ng kaligtasan para sa mga banal ng Kataas-taasang Diyos;

67 At ang [a]kaluwalhatian ng Panginoon ay paroroon, at ang galit ng Panginoon ay paroroon din, kaya nga ang masasama ay hindi paroroon, at ito ay tatawaging Sion.

68 At ito ay mangyayari sa masasama, na ang bawat tao na hindi hahawak ng kanyang espada laban sa kanyang kapwa ay talagang kailangang magtungo sa Sion para sa kaligtasan.

69 At doon [a]matitipon ang mga galing sa ibang bansa sa silong ng langit; at sila lamang ang mga tao na hindi makikidigma sa isa't isa.

70 At masasabi sa masasama: Huwag tayong umahon upang makidigma sa Sion, sapagkat ang mga naninirahan sa Sion ay nakakikilabot; dahil dito ay hindi natin ito matatagalan.

71 At ito ay mangyayari na ang mabubuti ay matitipon mula sa lahat ng bansa, at patutungo sa Sion, umaawit ng mga awit ng walang hanggang kagalakan.

72 At ngayon sinasabi ko sa inyo, ilihim ang mga bagay na ito upang hindi kumalat sa sanlibutan hanggang sa ito ay maging kinakailangan sa akin, upang inyong maisakatuparan ang gawaing ito sa paningin ng mga tao, at sa paningin ng inyong mga kaaway, upang hindi nila malaman ang inyong mga gawa hanggang sa maisakatuparan ang mga bagay na ipinaguutos ko sa inyo;

73 Na kapag kanilang nalaman ito, kanilang isasaalang-alang ang mga bagay na ito.

74 Sapagkat kapag ang Panginoon ay nagpakita siya ay [a]nakakikilabot sa kanila, na ang takot ay lulupig sa kanila, at sila ay tatayo sa malayo at manginginig.

75 At ang lahat ng bansa ay matatakot dahil sa galit ng Panginoon, at sa kapangyarihan ng kanyang lakas. Maging gayon nga. Amen.

---

65*a* D at T 63:27.
66*a* Eter 13:5–6; Moi. 7:62; S ng P 1:10. GBK Bagong Jerusalem; Sion.
*b* D at T 57:1–3.
*c* GBK Kapayapaan.
*d* Is. 4:6; D at T 115:6.
67*a* D at T 64:41–43; 97:15–18. GBK Jesucristo—Kaluwalhatian ni Jesucristo.
69*a* Deut. 30:3; Jer. 32:37–39; D at T 33:6.
74*a* Zef. 2:11.

## BAHAGI 46

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Simbahan, sa Kirtland, Ohio, ika-8 ng Marso 1831 (*History of the Church, *1:163–165). Sa maagang panahong ito ng Simbahan, wala pang nabuong pamantayan para sa pangangasiwa ng mga pagpupulong sa Simbahan. Gayon pa man, yaon lamang nakaugalian na pagtanggap sa mga kasapi at ng matatapat na tagapagmasid sa mga sakramentong pagpupulong at iba pang mga pagtitipon sa Simbahan ang naging pangkalahatan. Ang paghahayag na ito ay nagsasaad ng kalooban ng Panginoon tungkol sa pamumuno at pangangasiwa ng mga pagpupulong.*

*1–2, Ang mga elder ang mangangasiwa sa mga pagpupulong habang pinapatnubayan ng Banal na Espiritu; 3–6, Ang mga naghahanap ng katotohanan ay hindi dapat pagbawalan sa mga sakramentong pagpupulong; 7–12, Humingi sa Diyos at hanapin ang mga kaloob ng Espiritu; 13–26, Isang tala ng ilan sa kaloob na ito ay ibinigay; 27–33, Ang mga pinuno ng Simbahan ay binigyan ng kapangyarihan na makilala ang mga kaloob ng Espiritu.*

MAKINIG, O kayong mga tao ng aking simbahan; sapagkat katotohanang sinasabi ko sa inyo na ang mga bagay na ito ay sinabi sa inyo para sa inyong [a]kapakinabangan at ikatututo.
2 Subalit sa kabila ng yaong mga bagay na nasusulat, ito sa tuwina ay ibinibigay sa mga [a]elder ng aking simbahan mula pa sa simula, at gayon nga tuwina, upang [b]pangasiwaan ang lahat ng pagpupulong habang sila ay inaatasan at pinapatnubayan ng Banal na Espiritu.
3 Gayunman kayo ay inuutusang huwag [a]paalisin ang sinuman sa inyong mga pangkalahatang pagpupulong, na idinaraos sa harapan ng madla.
4 Kayo rin ay inuutusang huwag paalisin ang sinuman na nabibilang sa [a]simbahan sa inyong mga sakramentong pagpupulong; gayunman, kung mayroon mang nagkasala, [b]huwag siyang hayaang bumahagi hanggang sa siya ay gumawa ng pakikipagkasundo.
5 At muli sinasabi ko sa inyo, huwag ninyong paalisin ang sinuman sa inyong sakramentong pagpupulong na masigasig na naghahanap ng kaharian—sinasabi ko ito hinggil sa kanila na hindi sa simbahan.
6 At muli sinasabi ko sa inyo, hinggil sa inyong [a]pagpapatibay

**46** 1*a* 2 Tim. 3:16–17.
2*a* Alma 6:1.
*b* Moro. 6:9; D at T 20:45.
3*a* 3 Ne. 18:22–25.
gbk Pakikipagkapatiran.
4*a* gbk Simbahan ni Jesucristo.
*b* 3 Ne. 18:26–32.
gbk Sakramento.
6*a* ie para sa pagpapatibay ng mga yaong bagong bininyagan.

na pagpupulong, na kung may-
roon mang hindi sa simbahan,
na masisigasig na naghahanap
ng kaharian, huwag ninyo silang
paalisin.
7 Subalit kayo ay inuutusan sa
lahat ng bagay na [a]humingi sa
Diyos, na nagbibigay nang sa-
gana; at yaon na pinatototoha-
nan ng Espiritu sa inyo gayon
man ninanais ko na gawin nin-
yo iyon nang buong [b]kabana-
lan ng puso, lumalakad nang
matwid sa harapan ko, [c]isinasa-
alang-alang ang layunin ng in-
yong kaligtasan, ginagawa ang
lahat ng bagay nang may pana-
langin at [d]pasasalamat, upang
hindi kayo [e]maakit ng masasa-
mang espiritu, o mga doktrina
ng mga [f]diyablo, o ng mga [g]ka-
utusan ng tao; sapagkat ang
ilan ay sa mga tao, at ang iba ay
sa mga diyablo.
8 Samakatwid, mag-ingat
at baka kayo ay malinlang; at
upang hindi kayo malinlang
masigasig ninyong [a]hanapin
ang mga pinakamahusay na
kaloob, alalahanin sa tuwina
kung para saan ibinigay ang
mga ito;
9 Sapagkat katotohanang si-
nasabi ko sa inyo, ang mga ito
ay ibinigay para sa kapakinaba-
ngan ng mga yaong nagmama-
hal sa akin at sumusunod sa la-
hat ng aking kautusan, at siya
na naghahangad na gumawa
nito; upang ang lahat ay maki-
nabang na naghahangad o hu-
mihingi sa akin, na humihingi
at hindi ng [a]tanda upang kanila
itong [b]magamit sa kanilang mga
pagnanasa.
10 At muli, katotohanang si-
nasabi ko sa inyo, nais ko na in-
yong tandaan sa tuwina, at la-
ging panatilihin sa inyong [a]isi-
pan kung ano ang mga [b]kaloob
na ito, na ibinigay sa simbahan.
11 Sapagkat hindi lahat ay
pinagkakalooban ng lahat ng
kaloob; sapagkat maraming
kaloob, at sa [a]bawat tao ay ipi-
nagkaloob ang isang kaloob sa
pamamagitan ng Espiritu ng
Diyos.
12 Sa ilan ay ipinagkaloob ang
isa, at sa ilan ay ipinagkaloob
ang iba, upang ang lahat ay ma-
kinabang sa gayong paraan.
13 Sa iba ay ipinagkaloob sa
pamamagitan ng Espiritu San-
to na [a]malaman na si Jesucristo
ang Anak ng Diyos, at na siya
ay ipinako sa krus para sa mga
kasalanan ng sanlibutan.
14 Sa iba ay ipinagkaloob na
[a]maniwala sa kanilang mga sa-
lita, upang sila rin ay magkaro-
on ng buhay na walang hang-
gan kung sila ay patuloy na
magiging matapat.
15 At muli, sa iba ay ipinagka-
loob sa pamamagitan ng Espiri-

7*a* Sant. 1:5–6; D at T 88:63.
*b* GBK Kabanalan.
*c* GBK Pagbulay-bulay.
*d* Awit 100; Alma 34:38. GBK Salamat, Nagpapasalamat, Pasasalamat.
*e* 1 Tim. 4:1–4; D at T 43:5–7.
*f* GBK Diyablo.
*g* D at T 3:6–7; 45:29.
8*a* 1 Cor. 12:31.
9*a* GBK Palatandaan.
*b* Sant. 4:3.
10*a* GBK Isipan.
*b* 1 Cor. 14:12. GBK Kaloob ng Espiritu, Mga.
11*a* 1 Cor. 12:4–11.
13*a* GBK Patotoo.
14*a* 3 Ne. 12:2. GBK Paniniwala, Maniwala.

tu Santo na malaman ang [a]pag-
kakaiba-iba ng pangangasiwa,
sa ikalulugod ng isang Pangino-
on, alinsunod sa kalooban ng
Panginoon, iniaangkop ang kan-
yang mga awa alinsunod sa
mga kalagayan ng mga anak ng
tao.
16 At muli, ipinagkaloob ng Es-
piritu Santo sa iba na malaman
ang iba't ibang pamamalakad,
kung ang mga ito ay sa Diyos,
nang ang pagpapahayag ng Es-
piritu ay maipagkaloob sa ba-
wat tao upang makinabang dito.
17 At muli, katotohanang sina-
sabi ko sa inyo, sa iba ay ipinag-
kaloob, ng Espiritu ng Diyos,
ang salita ng [a]karunungan.
18 Sa iba ay ipinagkaloob ang
salita ng [a]kaalaman, nang ang
lahat ay maturuan upang ma-
ging matalino at magkaroon ng
kaalaman.
19 At muli, sa iba ay ipinagka-
loob na magkaroon ng [a]pana-
nampalataya na gumaling.
20 At sa iba ay ipinagkaloob
na magkaroon ng pananampa-
lataya na [a]makapagpagaling.
21 At muli, sa iba ay ipinagka-
loob ang paggawa ng mga [a]hi-
mala;
22 At sa iba ay ipinagkaloob
na [a]magpropesiya;
23 At sa iba ang [a]pagkilala ng
mga espiritu.
24 At muli, ipinagkaloob sa iba
na makapagsalita ng mga [a]wika;
25 At sa iba ay ipinagkaloob
ang pagpapakahulugan sa mga
wika.
26 At lahat ng [a]kaloob na ito
ay galing sa Diyos, para sa ka-
pakinabangan ng mga [b]anak ng
Diyos.
27 At sa [a]obispo ng simbahan,
at sa yaong itatalaga at oorde-
nan ng Diyos na pangalagaan
ang simbahan at maging mga
elder ng simbahan, ay ipagka-
kaloob ito sa kanila upang [b]ma-
kilala ang lahat ng kaloob na
yaon at baka mayroon sa inyong
nagpapanggap at hindi naman
mula sa Diyos.
28 At ito ay mangyayari na
siya na humihingi sa [a]Espiri-
tu ay makatatanggap sa Es-
piritu;
29 Nang sa iba maipagkaloob
ang lahat ng kaloob na yaon,
upang magkaroon ng isang pi-
nuno, nang sa gayon ang bawat
kasapi ay makinabang sa ga-
yong paraan.
30 Siya na [a]humihingi sa [b]Es-
piritu ay humihingi alinsunod
sa [c]kalooban ng Diyos; sama-
katwid ay mangyayari maging
gaya ng kanyang hiningi.
31 At muli, sinasabi ko sa inyo,
lahat ng bagay ay kailangang
gawin sa pangalan ni Cristo;

15*a* Moro. 10:8.
17*a* Moro. 10:9.
GBK Karunungan.
18*a* GBK Kaalaman.
19*a* D at T 42:48–52.
GBK Pananampalataya.
20*a* GBK Pinagaling, Pagpapagaling.
21*a* GBK Himala.
22*a* GBK Propesiya, Pagpopropesiya.
23*a* Moi. 1:13–15.
24*a* GBK Wika, Kaloob na mga.
26*a* Moro. 10:8–19.
*b* GBK Anak na Lalaki at Babae ng Diyos, Mga.
27*a* GBK Obispo.
*b* GBK Pagkilala, Kaloob na.
28*a* D at T 88:64–65.
30*a* D at T 50:29.
*b* GBK Espiritu Santo.
*c* 2 Ne. 4:35.

anuman ang inyong gawin sa pamamagitan ng Espiritu;
32 At kayo ay kailangang magbigay ng [a]pasalamat sa Diyos sa Espiritu sa anumang pagpapalang ipinagkaloob sa inyo.
33 At kailangan ninyong gumawa sa tuwina ng [a]kabutihan at [b]kabanalan sa harapan ko. Maging gayon nga. Amen.

## BAHAGI 47

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Kirtland, Ohio, ika-8 ng Marso 1831 (*History of the Church, *1:166). Bago ang panahong ito si Oliver Cowdery ay gumanap bilang mananalaysay at tagasulat sa Simbahan. Si John Whitmer ay hindi naghangad na maitalaga bilang mananalaysay, subalit, bilang nahilingang maglingkod sa ganitong tungkulin, sinabi niyang susundin niya ang kalooban ng Panginoon sa bagay na ito. Siya ay nakapaglingkod na bilang kalihim ng Propeta sa pagtatala ng maraming paghahayag na natanggap sa kalakhan ng Fayette, New York.*

*1–4, Si John Whitmer ay tinukoy na mag-ingat ng kasaysayan ng Simbahan at magsulat para sa Propeta.*

MASDAN, kinakailangan sa akin na ang aking tagapaglingkod na si John ay magsulat at mag-ingat ng isang maayos na [a]kasaysayan, at tumulong sa iyo, aking tagapaglingkod na Joseph, sa pagtatala ng lahat ng bagay na ibibigay sa iyo, hanggang siya ay tawagin sa iba pang tungkulin.
2 Muli, katotohanang sinasabi ko sa iyo na maaari rin niyang itaas ang kanyang tinig sa mga pagpupulong, kung kailan ito kinakailangan.
3 At muli, sinasabi ko sa iyo na itatalaga sa kanya na patuloy na mag-ingat ng talaan at kasaysayan ng simbahan; sapagkat si Oliver Cowdery ay aking itinalaga sa ibang katungkulan.
4 Dahil dito, ibibigay sa kanya, yayamang siya ay matapat, ng [a]Mang-aaliw, na isulat ang mga bagay na ito. Maging gayon nga. Amen.

## BAHAGI 48

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Kirtland, Ohio, Marso 1831 (*History of the Church, *1:166–167). Ang Propeta ay nagtanong sa Panginoon tungkol sa pamamaraan ng*

32*a* 1 Cron. 16:8–15; 1 Tes. 1:2; Alma 37:37; D at T 59:7, 21. GBK Salamat, Nagpapasalamat, Pasasalamat.
33*a* GBK Kabaitan.
*b* GBK Kabanalan.
**47** 1*a* D at T 69:2–8; 85:1–2.
4*a* GBK Mang-aaliw; Espiritu Santo.

*pagkuha ng mga lupain para sa titirahan ng mga Banal. Ito ay isang mahalagang bagay dahil sa paglipat ng mga kasapi ng Simbahan mula sa silangang Estados Unidos, sa pagsunod sa utos ng Panginoon na sila ay nararapat na magtipun-tipon sa Ohio (tingnan ang bahagi 37:1–3; 45:64).*

*1–3, Ang mga Banal sa Ohio ay magbabahagi ng kanilang mga lupain sa kanilang mga kapatid; 4–6, Ang mga Banal ay bibili ng mga lupain, magtatayo ng isang lunsod, at susunod sa payo ng kanilang mga namumunong pinuno.*

KINAKAILANGAN na kayo ay manatili sa kasalukuyan sa inyong mga lugar na tinitirahan, yayamang ito ay naaangkop sa inyong kalagayan.

2 At yayamang kayo ay may mga lupain, kayo ay [a]magbabahagi sa mga kapatid mula sa silangan;

3 At yayamang kayo ay walang mga lupain, hayaan silang bumili sa kasalukuyan sa yaong mga dako sa paligid, na inaakala nilang mabuti, sapagkat talagang kinakailangang sila ay magkaroon ng mga lugar na matitirahan sa kasalukuyan.

4 Talagang kinakailangan na ipunin ninyo ang lahat ng salaping maaari ninyong ipunin, at na makuha ninyo ang lahat ng inyong makukuha sa kabutihan, nang sa darating na panahon kayo ay [a]makabili ng lupain upang maging mana, maging ang [b]lunsod.

5 Ang pook ay hindi pa ihahayag; subalit matapos ang inyong mga kapatid ay dumating mula sa silangan ay may mga taong [a]tiyak na itatalaga, at sa kanila ito ay ipagkakaloob na [b]malaman ang pook, o sa kanila ito ihahayag.

6 At sila ay itatalagang bumili ng mga lupain, at simulang itayo ang saligan ng [a]lunsod; at pagkatapos kayo ay magsisimulang magtipon kasama ng iyong mga mag-anak, bawat tao alinsunod sa kanyang [b]mag-anak, alinsunod sa kanyang kalagayan, at gaya ng itinakda sa kanya ng panguluhan at ng obispo ng simbahan, alinsunod sa mga batas at kautusan na inyong natanggap, at inyong matatanggap sa hinaharap. Maging gayon nga. Amen.

## BAHAGI 49

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, kina Sidney Rigdon, Parley P. Pratt, at Leman Copley, sa Kirtland, Ohio, Marso 1831 (*History of the Church, *1:167–169). (Ilang pinagkukunan ng kasaysayan ang nagbibigay ng petsa ng paghahayag na ito*

**48** 2*a* gbk Kapakanan.
4*a* D at T 57:4–5.
*b* D at T 42:35–36; 45:65–67.
5*a* D at T 57:6–8.
*b* D at T 57:1–3.
6*a* gbk Bagong Jerusalem.
*b* D at T 51:3.

*bilang Mayo 1831.) Niyakap ni Leman Copley ang ebanghelyo subalit naniniwala pa rin siya sa ilang aral ng mga Shaker (Nagkakaisang Samahan ng mga Naniniwala sa Ikalawang Pagpapakita ni Cristo) kung saan siya ay dating kasapi. Ilan sa paniniwala ng mga Shaker na ang ikalawang pagparito ni Cristo ay naganap na at siya ay nagpakita sa anyo ng isang babae, na si Ann Lee; ang pagbibinyag sa pamamagitan ng tubig ay hindi itinuturing na mahalaga; ang pagkain ng karne ng baboy ay tuwirang ipinagbabawal, at marami ang hindi kumakain ng karne; at ang buhay walang asawa ay itinuturing na mas mataas pa sa buhay may asawa. Sa pagbibigay ng paunang salita sa paghahayag na ito, isinulat ng Propeta, "Upang magkaroon ng higit na pang-unawa sa paksa, ako ay nagtanong sa Panginoon, at natanggap ang sumusunod" (*History of the Church, *1:167). Pinabulaanan ng paghahayag ang ilang saligang kuru-kuro ng mga pangkat ng mga Shaker. Ang mga nabanggit na kapatid ay nagdala ng isang sipi ng paghahayag sa komunidad ng mga Shaker (malapit sa Cleveland, Ohio) at binasa sa kanila ang kabuuan nito, subalit ito ay tinanggihan.*

*1–7, Ang araw at oras ng pagparito ni Cristo ay mananatiling walang nakaaalam hanggang sa siya ay pumarito; 8–14, Ang mga tao ay kailangang magsisi, maniwala sa ebanghelyo, at sumunod sa mga ordenansa upang makamit ang kaligtasan; 15–16, Ang kasal ay inorden ng Diyos; 17–21, Ang pagkain ng karne ay ipinahintulot; 22–28, Ang Sion ay mananagana at ang mga Lamanita ay mamumukadkad gaya ng rosas bago ang Ikalawang Pagparito.*

MAKINIG sa aking salita, aking mga tagapaglingkod na Sidney, at Parley, at Leman; sapagkat masdan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, na nagbibigay ako sa inyo ng isang kautusan na kayo ay hahayo at [a]mangangaral ng aking ebanghelyo na inyong natanggap, maging gaya ng pagkatanggap ninyo nito, sa mga Shaker.

2 Masdan, sinasabi ko sa inyo, na sila ay nagnanais na malaman ang bahagi ng katotohanan, subalit hindi lahat, sapagkat sila ay hindi [a]matwid sa harapan ko at talagang kinakailangang magsisi.

3 Dahil dito, isinugo ko kayo, aking mga tagapaglingkod na Sidney at Parley, upang mangaral ng ebanghelyo sa kanila.

4 At ang aking tagapaglingkod na si Leman ay oordenan sa gawaing ito, nang siya ay makapagpaliwanag sa kanila, hindi alinsunod sa mga yaong kanyang natanggap sa kanila, kundi alinsunod sa mga [a]ituturo ninyo sa kanya na aking mga tagapaglingkod; at sa pamamagitan ng paggawa nito ay akin

**49** 1*a* GBK Mangaral.
2*a* Gawa 8:21.
4*a* GBK Ebanghelyo; Katotohanan.

siyang pagpapalain, kung hin-
di, hindi siya magtatagumpay.
5 Gayon ang wika ng Pangino-
on; sapagkat ako ay Diyos, at [a]isi-
nugo ang aking Bugtong na Anak
sa daigdig para sa [b]pagtubos ng
sanlibutan, at nag-utos na siya
na tatanggap sa kanya ay mali-
ligtas, at siya na hindi tatanggap
sa kanya ay [c]isusumpa—
6 At kanilang ginawa sa [a]Anak
ng Tao maging tulad ng kani-
lang ninais na gawin; at kan-
yang kinuha ang kanyang ka-
pangyarihan mula sa [b]kanang
kamay ng kanyang [c]kaluwalha-
tian, at ngayon ay naghahari sa
kalangitan, at maghahari hang-
gang sa siya ay bumaba sa lupa
upang ilagay ang lahat ng kaa-
way sa [d]ilalim ng kanyang mga
paa, kung aling panahon ay na-
lalapit na—
7 Ako, ang Panginoong Diyos,
ang nagsabi nito; subalit ang
oras at ang [a]araw ay walang
taong nakaaalam, ni ang mga
anghel sa langit, ni hindi nila
malalaman hanggang sa siya ay
pumarito.
8 Dahil dito, nais ko na ang la-
hat ng tao ay magsisi, sapagkat
ang lahat ay nasasailalim sa
[a]kasalanan, maliban sa mga ya-
ong aking inilaan sa aking sari-
li, mga [b]banal na tao na hindi
ninyo nakikilala.
9 Dahil dito, sinasabi ko sa inyo
na aking ipinadala sa inyo ang
aking walang hanggang [a]tipan,
maging yaong mula pa noong
simula.
10 At yaong aking ipinangako
ay aking tinupad, at lahat ng
[a]bansa sa mundo ay [b]yuyuko
rito; at, kung hindi sa kanilang
sarili, sila ay bababa, sapagkat
yaong ngayon ay dumadakila
ng kanyang sarili ay [c]ibubuwal
sa kapangyarihan.
11 Dahil dito, ako ay nagbibi-
gay sa inyo ng isang kautusan
na kayo ay [a]humayo sa mga ta-
ong ito, at sabihin sa kanila, ka-
tulad ng aking apostol noong
unang panahon, na ang panga-
lan ay Pedro:
12 Maniwala sa pangalan ng
Panginoong Jesus, na siyang pu-
marito sa mundo, at siyang pa-
parito, ang simula at ang wakas;
13 [a]Magsisi at magpabinyag sa
pangalan ni Jesucristo, alinsunod
sa banal na kautusan, para sa
kapatawaran ng mga kasalanan;
14 At sinuman ang gagawa nito

5*a* Juan 3:16–17; D at T 132:24. GBK Jesucristo—Kapangyarihan.
*b* GBK Tubos, Tinubos, Pagtubos; Manunubos.
*c* GBK Kapahamakan.
6*a* GBK Anak ng Tao.
*b* Gawa 7:55–56; D at T 76:20–23.
*c* GBK Jesucristo—Kaluwalhatian ni Jesucristo.
*d* 1 Cor. 15:25; D at T 76:61.
7*a* Mat. 24:36; Mar. 13:32–37; Apoc. 16:15; D at T 133:11.
8*a* Gal. 3:22; Mos. 16:3–5.
*b* Heb. 13:2; 3 Ne. 28:25–29.
9*a* Gen. 17:7; D at T 66:2. GBK Bago at Walang Hanggang Tipan.
10*a* Zac. 2:11; D at T 45:66–69; 97:18–21.
*b* Is. 60:14.
*c* Mat. 23:12.
11*a* GBK Gawaing Pangmisyonero.
13*a* 3 Ne. 27:19–20.

ay matatanggap ang [a]kaloob na Espiritu Santo, sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga [b]kamay ng mga elder ng simbahan.
15 At muli, katotohanang sinasabi ko sa inyo, na sinuman ang [a]nagbabawal ng pagkakasal ay hindi inorden ng Diyos, sapagkat ang [b]kasal ay inorden ng Diyos sa tao.
16 Samakatwid, naaayon sa batas na siya ay magkaroon ng isang [a]asawa, at silang dalawa ay magiging [b]isang laman, at lahat ng ito ay upang matupad ng [c]mundo ang layunin ng kanyang pagkakalikha.
17 At nang ito ay mapuno ng tao, alinsunod sa kanyang [a]pagkakalikha [b]bago ginawa ang mundo.
18 At sinuman ang [a]nagbabawal na kumain ng [b]karne, na ang tao ay hindi nararapat kumain nito ay hindi inorden ng Diyos;
19 Sapagkat, masdan, ang mga [a]hayop sa parang at ang lahat ng ibon sa himpapawid, at ang mga yaong nagmumula sa lupa, ay inorden upang gamitin ng tao para sa pagkain at para sa kasuotan, at upang siya ay managana.
20 Subalit hindi ibinigay na ang isang tao ay [a]mag-ari ng higit kaysa sa iba, dahil dito ang [b]sanlibutan ay nasa makasalanang kalagayan.
21 At sa aba sa tao na [a]magpapadanak ng dugo o kaya ay magaaksaya ng laman at walang pangangailangan.
22 At muli katotohanang sinasabi ko sa inyo, na ang Anak ng Tao ay hindi [a]paparito sa anyo ng isang babae, ni sa anyo ng isang lalaking naglalakbay sa lupa.
23 Samakatwid, huwag [a]magpalinlang, sa halip ay manatiling matatag, [b]tumatanaw sa panginginig ng kalangitan at sa pagyanig ng lupa, at paggiray na parang isang taong lasing, at ang mga [c]lambak ay patataasin, at ang mga [d]bundok ay pabababain, at ang mga baku-bakong dako ay mapapatag—at lahat ng ito kapag pinatunog ng anghel ang kanyang [e]pakakak.
24 Subalit bago dumating ang dakilang araw ng Panginoon, si [a]Jacob ay mananagana sa ilang,

14*a* GBK Kaloob na Espiritu Santo.
*b* GBK Kamay, Pagpapatong ng mga.
15*a* 1 Tim. 4:1–3.
*b* Gen. 2:18, 24; 1 Cor. 11:11. GBK Kasal, Pagpapakasal.
16*a* Jac. 2:27–30.
*b* Gen. 2:24; Mat. 19:5–6.
*c* GBK Mundo—Nilikha para sa tao.
17*a* Moi. 3:4–5. GBK Likha, Paglikha.
*b* GBK Buhay Bago pa ang Buhay na Ito.
18*a* IE inutusang huwag kumain.
*b* Gen. 9:3; 1 Tim. 4:1–3.
19*a* D at T 89:10–13.
20*a* Gawa 4:32; D at T 51:3; 70:14; 78:6.
*b* GBK Kamunduhan.
21*a* PJS, Gen. 9:10–15.
22*a* GBK Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
23*a* Mat. 24:4–5.
*b* 2 Ped. 3:12; D at T 45:39.
*c* Is. 40:4; D at T 109:74.
*d* Mi. 1:3–4.
*e* Mat. 24:29–31.
24*a* 3 Ne. 5:21–26.

at ang mga Lamanita ay [b]mamu-
mukadkad gaya ng rosas.
25 Ang Sion ay [a]mananagana
sa mga [b]burol at magsasaya sa
mga bundok, at magkakasa-
mang titipunin sa lugar na
aking itinakda.
26 Masdan, sinasabi ko sa inyo,
humayo kayo gaya ng aking
ipinag-uutos sa inyo; magsisi
sa lahat ng inyong kasalanan;
[a]humingi at kayo ay makata-
tanggap; kumatok at kayo ay
pagbubuksan.
27 Masdan, ako ay magpapati-
una sa inyo at mapapasainyong
[a]likuran; at ako ay [b]mapapasa-
gitna ninyo, at kayo ay hindi
[c]malilito.
28 Masdan, ako si Jesucristo,
at ako ay [a]madaling paparito.
Maging gayon nga. Amen.

## BAHAGI 50

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Kirtland, Ohio, Mayo 1831 (*History of the Church, *1:170–173). Sinabi ng Propeta na may ilang elder na hindi makaunawa sa mga pagpapakita ng mga iba't ibang espiritu na laganap sa mundo at ang paghahayag na ito ay ibinigay bilang tugon sa kanyang natatanging pagtatanong tungkol sa bagay na ito. Ang mga tinaguriang pang-espirituwal na kababalaghan ay karaniwan sa mga kasapi, ang ilan ay nagsabing sila ay nakatatanggap ng mga pangitain at paghahayag.*

*1–5, Maraming mapanlinlang na espiritu ang laganap sa mundo; 6–9, Sa aba sa mga mapagkunwari at sa yaong mga itiniwalag mula sa Simbahan; 10–14, Ang mga elder ay mangangaral ng ebanghelyo sa pamamagitan ng Espiritu; 15–22, Ang mga mangangaral at mga nakikinig ay kailangang maliwanagan sa pamamagitan ng Espiritu; 23–25, Ang yaong hindi nakapagpapatibay ay hindi sa Diyos; 26–28, Ang matatapat ang nagmamay-ari ng lahat ng bagay; 29–36, Ang mga panalangin ng mga pinadalisay ay tinutugon; 37–46, Si Cristo ang Mabuting Pastol at ang Bato ng Israel.*

MAKINIG, O kayong mga
elder ng aking simbahan,
at pakinggan ang tinig ng bu-
hay na Diyos; at tumalima sa
mga salita ng karunungan na
ibibigay sa inyo, alinsunod sa
inyong itinanong at sinang-
ayunan na nauukol sa simba-
han, at sa mga espiritung luma-
laganap sa mundo.
2 Masdan, katotohanang sina-
sabi ko sa inyo, na maraming es-
piritu na mga [a]mapanlinlang na

24*b* Is. 35:1;
2 Ne. 30:5–6;
3 Ne. 21:22–25;
D at T 3:20; 109:65.
25*a* D at T 35:24.
*b* Gen. 49:26;
2 Ne. 12:2–3.
26*a* D at T 88:63.
27*a* Is. 52:12.
*b* 3 Ne. 20:22.
*c* 1 Ped. 2:6;
D at T 84:116.
28*a* D at T 1:12.
**50** 2*a* D at T 129.
GBK Espiritu—
Masasamang
espiritu.

espiritu, na humayo sa mundo,
na nanlilinlang sa sanlibutan.
3 At si [a]Satanas din ay nagnais
na malinlang kayo, upang kan-
ya kayong ibagsak.
4 Masdan, ako, ang Panginoon,
ay nagmamasid sa inyo, at naki-
ta ko ang mga karumal-dumal
na gawa sa simbahan na [a]nag-
tataglay ng aking pangalan.
5 Subalit pinagpala sila na ma-
tatapat at [a]makapagtitiis, maging
sa buhay man o sa kamatayan,
sapagkat sila ay magmamana ng
buhay na walang hanggan.
6 Subalit sa aba nila na mga
[a]mapanlinlang at mapagkunwa-
ri, sapagkat, ganito ang wika ng
Panginoon, sila ay dadalhin ko
sa paghahatol.
7 Masdan, katotohanang sina-
sabi ko sa inyo, na may mga
[a]mapagkunwari sa inyo, na nan-
linlang sa ilan, na siyang nag-
bigay sa [b]kaaway ng [c]kapang-
yarihan; subalit masdan [d]sila ay
babawiin;
8 Subalit ang mga mapagkun-
wari ay matutuklasan at [a]ihihi-
walay, sa buhay na ito o sa ka-
matayan, maging anuman ang
aking naisin; at sa aba nila na
mga itiniwalag mula sa aking
simbahan, sapagkat sila ay na-
daig ng sanlibutan.
9 Samakatwid, mag-ingat ang
bawat tao at baka siya ay ma-
kagawa ng yaong hindi ayon sa
katotohanan at kabutihan sa
harapan ko.
10 At ngayon halikayo, wika
ng Panginoon, sa pamamagitan
ng Espiritu, sa mga elder ng
kanyang simbahan, at tayo'y
[a]magpaliwanagan, upang kayo
ay makaunawa.
11 Magpaliwanagan tayo ma-
ging gaya ng isang tao na nag-
papaliwanag sa isa pa nang ha-
rap-harapan.
12 Ngayon, kapag ang isang
tao ay nagpapaliwanag siya ay
nauunawaan ng tao, sapagkat
siya ay nagpapaliwanag bilang
isang tao; maging ako man, ang
Panginoon, ay makikipagpali-
wanagan sa inyo upang kayo
ay [a]makaunawa.
13 Samakatwid, ako, ang
Panginoon ay nagtatanong sa
inyo—saan ba kayo [a]inordenan?
14 Ang mangaral ng aking
ebanghelyo sa pamamagitan ng
[a]Espiritu, maging ang [b]Mang-
aaliw na isinugo upang magtu-
ro ng katotohanan.
15 At pagkatapos ay tatang-
gap kayo ng mga [a]espiritu na
hindi ninyo nauunawaan, at
tatanggapin sila bilang mula
sa Diyos; at dito kayo ba ay
binigyang-katwiran?

3*a* Lu. 22:31; 3 Ne. 18:18.
4*a* GBK Jesucristo—Taglayin ang pangalan ni Jesucristo sa atin.
5*a* GBK Makapagtiis.
6*a* GBK Mapanlinlang, Manlinlang, Panlilinlang.
7*a* Mat. 23:13–15; Alma 34:28.
*b* GBK Diyablo.
*c* Mos. 27:8–9.
*d* IE yaong mga nalinlang.
8*a* D at T 1:14; 56:3; 64:35. GBK Pagtitiwalag.
10*a* Is. 1:18; D at T 45:10.
12*a* D at T 1:24.
13*a* GBK Ordenan, Pag-oorden.
14*a* D at T 43:15. GBK Turuan, Guro—Pagtuturo na may Espiritu.
*b* GBK Mang-aaliw.
15*a* GBK Pagkilala, Kaloob na.

16 Masdan inyong sasagutin
ang katanungang ito sa inyong
sarili; gayunpaman, ako ay ma-
giging maawain sa inyo; siya
na mahina sa inyo magmula
ngayon ay magiging [a]malakas.
17 Katotohanang sinasabi ko
sa inyo, siya na inordenan ko at
isinugo upang [a]mangaral ng
salita ng katotohanan sa pa-
mamagitan ng Mang-aaliw, sa
Espiritu ng katotohanan, ipi-
nangangaral ba niya ito sa pa-
mamagitan ng [b]Espiritu ng
katotohanan o sa ibang pama-
maraan?
18 At kung ito ay sa ibang pa-
mamaraan ito ay hindi sa Diyos.
19 At muli, siya na tumatang-
gap ng salita ng katotohanan,
natanggap ba niya ito sa pama-
magitan ng Espiritu ng katoto-
hanan o sa ibang pamamaraan?
20 Kung ito ay sa ibang pama-
maraan ito ay hindi sa Diyos.
21 Samakatwid, bakit hindi
kayo makaunawa at makaba-
tid, na siya na tumatanggap ng
salita sa pamamagitan ng Espi-
ritu ng katotohanan ay nata-
tanggap ito ayon sa ipinanga-
ral sa pamamagitan ng Espiritu
ng katotohanan?
22 Dahil dito, siya na nanga-
ngaral at siya na nakatatang-
gap, ay nauunawaan ang isa't
isa, at sila ay kapwa [a]pinagtiti-
bay at magkasamang [b]magsa-
saya.
23 At yaong hindi nakapagpa-
patibay ay hindi sa Diyos, at ito
ay [a]kadiliman.
24 Yaong sa Diyos ay [a]liwa-
nag; at siya na tumatanggap ng
liwanag, at [b]nagpapatuloy sa
Diyos, ay tumatanggap ng [c]ma-
rami pang liwanag; at ang li-
wanag na yaon ay lumiliwanag
nang lumiliwanag hanggang sa
ganap na araw.
25 At muli, katotohanang si-
nasabi ko sa inyo, at sinasabi
ko ito upang inyong malaman
ang [a]katotohanan, upang in-
yong maitaboy ang kadiliman
mula sa inyo;
26 Siya na inordenan ng Diyos
at isinugo, siya rin ang itinala-
ga na maging [a]pinakadakila,
bagaman siya ang kaliit-liitan
at ang [b]tagapaglingkod ng lahat.
27 Dahil dito, siya ang [a]nag-
mamay-ari ng lahat ng bagay;
sapagkat lahat ng bagay ay na-
sasailalim niya, maging sa langit
at sa lupa, ang buhay at ang li-
wanag, ang Espiritu at ang [b]ka-
pangyarihan, ipinadala sa pa-
mamagitan ng kalooban ng Ama
sa pamamagitan ni Jesucristo,
na kanyang Anak.
28 Subalit walang sinuman
ang nagmamay-ari ng lahat ng
bagay maliban sa siya ay gina-

16*a* Eter 12:23–27.
17*a* gbk Gawaing Pangmisyonero; Mangaral.
*b* D at T 6:15. gbk Espiritu Santo; Katotohanan.
22*a* 1 Cor. 14:26.
*b* Juan 4:36.
23*a* gbk Kadiliman, Espirituwal na.
24*a* 1 Juan 2:8–11; Moro. 7:14–19; D at T 84:45–47; 88:49. gbk Ilaw, Liwanag ni Cristo.
*b* Juan 15:4–5, 10.
*c* 2 Ne. 28:30.
25*a* Juan 8:32.
26*a* Mat. 23:11.
*b* Mar. 10:42–45. gbk Paglilingkod.
27*a* D at T 76:5–10, 53–60; 84:34–41.
*b* gbk Kapangyarihan.

wang [a]dalisay at [b]nalinis mula
sa lahat ng kasalanan.
29 At kung ikaw ay dalisay at
nalinis mula sa lahat ng kasa-
lanan, [a]mahihingi mo anuman
ang iyong naisin sa pangalan ni
Jesus at ito ay mangyayari.
30 Subalit alamin ito, ibibigay
sa iyo kung ano ang iyong hihi-
lingin; at yayamang ikaw ay
itinalagang [a]pinuno, ang mga
espiritu ay pasasailalim sa iyo.
31 Dahil dito, ito ay mangya-
yari, na kung iyong mamamas-
dan ang [a]espiritu na nagpapa-
hayag na hindi mo nauunawa-
an, at hindi mo tinanggap ang
espiritung yaon, ikaw ay mag-
tatanong sa Ama sa pangalan
ni Jesus; at kung hindi niya ipi-
nagkaloob sa iyo ang espiritung
yaon, sa gayon ay malalaman
mo na ito ay hindi sa Diyos.
32 At ipagkakaloob sa iyo,
[a]kapangyarihan laban sa espi-
ritung yaon; at iyong ipahaha-
yag laban sa espiritung yaon sa
malakas na tinig na ito ay hindi
sa Diyos—
33 Hindi sa [a]mapanlait na pa-
nanalita, upang hindi ka ma-
daig, ni sa [b]pagmamayabang o
pagsasaya, at baka ikaw ay ma-
lupig nila.
34 Siya na tumatanggap mula
sa Diyos, siya ay magsaalang-
alang sa Diyos; at magsaya siya
na siya ay isinaalang-alang ng
Diyos na karapat-dapat tumang-
gap.
35 At sa pamamagitan ng pag-
talima at paggawa ng mga ba-
gay na ito na iyong tinanggap,
at iyo pang tatanggapin mula
ngayon—at ang [a]kaharian ay
ibinigay sa iyo ng Ama, at ang
[b]kapangyarihang madaig ang
lahat ng bagay na hindi niya
inorden—
36 At masdan, katotohanang
sinasabi ko sa inyo, pinagpala
kayo na ngayon ay nakaririnig
ng mga salita kong ito mula sa
bibig ng aking tagapaglingkod,
sapagkat ang inyong mga kasa-
lanan ay [a]pinatatawad na.
37 Isugo ang aking tagapag-
lingkod na si Joseph Wakefield,
na lubos kong kinalulugdan, at
ang aking tagapaglingkod na si
[a]Parley P. Pratt ay humayo sa
mga simbahan at palakasin sila
sa pamamagitan ng salita ng
[b]panghihikayat;
38 At gayon din ang aking ta-
gapaglingkod na si John Corrill,
o kasindami ng aking mga taga-
paglingkod na inordenan sa ka-
tungkulang ito, at hayaan silang
gumawa sa [a]ubasan; at huwag
hayaan ang sinuman na hu-
madlang sa kanila sa paggawa

28*a* 3 Ne. 19:28–29; D at T 88:74–75. GBK Dalisay, Kadalisayan; Pagpapabanal.
*b* 1 Juan 1:7–9.
29*a* Hel. 10:5; D at T 46:30. GBK Panalangin.
30*a* GBK Karapatan.
31*a* 1 Juan 4:1. GBK Espiritu—Masasamang espiritu.
32*a* Mat. 10:1.
33*a* Jud. 1:9.
*b* D at T 84:67, 73.
35*a* GBK Kaharian ng Diyos o Kaharian ng Langit.
*b* 1 Juan 4:4; D at T 63:20, 47.
36*a* D at T 58:42–43. GBK Magpatawad.
37*a* GBK Pratt, Parley Parker.
*b* D at T 97:3–5.
38*a* GBK Ubasan ng Panginoon.

ng yaong aking itinakda sa ka-
nila—
39 Samakatwid, sa bagay na
ito ang aking tagapaglingkod
na si [a]Edward Partridge ay hin-
di makatwiran; gayunpaman
magsisi siya at siya ay patata-
warin.
40 Masdan, kayo ay maliliit na
bata at hindi ninyo [a]makakaya
ang lahat ng bagay sa ngayon;
kailangan kayong [b]lumaki sa
[c]biyaya at sa kaalaman ng [d]ka-
totohanan.
41 Huwag [a]matakot, maliliit na
[b]bata, sapagkat kayo ay akin, at
aking [c]nadaig ang daigdig, at
kayo ay bahagi nila na [d]ibini-
gay ng Ama sa akin;
42 At wala sa kanila na ibini-
gay ng Ama sa akin ang [a]ma-
wawala.
43 At ang Ama at ako ay [a]isa.
Ako ay nasa Ama at ang Ama ay
nasa akin; at yayamang inyong
tinanggap ako, kayo ay nasa
akin at ako ay nasa inyo.
44 Samakatwid, ako ay nasa
inyong gitna, at ako ang [a]mabu-
ting pastol, at ang [b]bato ng Isra-
el. Siya na nakatayo sa ibabaw
ng [c]batong ito ay hindi [d]kailan-
man babagsak.
45 At darating ang araw na in-
yong maririnig ang aking tinig
at [a]makikita ako, at malalaman
na ako nga.
46 [a]Magbantay, samakatwid,
upang kayo ay maging [b]handa.
Maging gayon nga. Amen.

## BAHAGI 51

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Thompson, Ohio, Mayo 1831 (* History of the Church, *1:173–174). Sa panahong ito ang mga Banal na nagpapalipat-lipat mula sa mga estado sa silangan ay nagsimulang dumating sa Ohio, at naging kinakailangang gumawa ng tiyakang pagsasaayos para sa kanilang paninirahan. Yayamang ang gawaing ito ay sa katungkulan ng obispo, si Obispo Edward Partridge ay naghangad ng tagubilin ukol sa bagay na ito, at ang Propeta ay nagtanong sa Panginoon.*

*1–8, Si Edward Partridge ay itinalaga na isaayos ang mga pangangasiwa at ari-arian; 9–12, Ang mga Banal ay kailangang makitungo nang tapat at tumanggap nang magkakapantay; 13–15, Sila*

39*a* GBK Partridge, Edward.
40*a* 3 Ne. 17:2–3; D at T 78:17–18.
*b* 1 Cor. 3:2–3; D at T 19:22–23.
*c* GBK Biyaya.
*d* GBK Katotohanan.
41*a* 1 Juan 4:18.
*b* GBK Anak na Lalaki at Babae ng Diyos, Mga.
*c* Juan 16:33.
*d* Juan 10:27–29; 17:2; 3 Ne. 15:24; D at T 27:14; 84:63.
42*a* Juan 17:12; 3 Ne. 27:30–31.
43*a* Juan 17:20–23; 3 Ne. 11:35–36. GBK Diyos, Panguluhang Diyos.
44*a* Juan 10:14–15. GBK Mabuting Pastol.
*b* Gen. 49:24; 1 Ped. 2:4–8. GBK Batong Panulok.
*c* 1 Cor. 10:1–4. GBK Bato; Jesucristo.
*d* Hel. 5:12.
45*a* D at T 67:10–13.
46*a* GBK Magbantay, Mga Tagabantay.
*b* Alma 34:32–33.

*ay kailangang magkaroon ng kamalig ng obispo at isaayos ang mga ari-arian alinsunod sa batas ng Panginoon; 16–20, Ang Ohio ang magiging pansamantalang lugar na pagtitipunan.*

MAKINIG sa akin, wika ng Panginoon ninyong Diyos, at ako ay mangungusap sa aking tagapaglingkod na si [a]Edward Partridge, at bibigyan siya ng mga tagubilin; sapagkat talagang kinakailangan na matanggap niya ang mga tagubilin kung paano isasaayos ang mga taong ito.
2 Sapagkat talagang kinakailangang isaayos sila alinsunod sa aking mga [a]batas; kung sa ibang pamamaraan, sila ay mahihiwalay.
3 Dahil dito, ang aking tagapaglingkod na si Edward Partridge, at sila na kanyang pinili, na lubos kong kinalulugdan, ay magtakda sa mga taong ito ng kanilang mga bahagi, bawat tao [a]ayon sa kanyang mag-anak, ayon sa kanyang kalagayan at sa kanyang mga kakulangan at [b]pangangailangan.
4 At ang aking tagapaglingkod na si Edward Partridge, kapag kanyang itinakda sa tao ang kanyang bahagi, ay magbigay sa kanya ng kasulatan na magpapatibay sa kanya ng kanyang bahagi, na kanya itong aariin, maging ang karapatang ito at ang pamanang ito sa simbahan, hanggang sa siya ay magkasala at hindi ituring na karapat-dapat ng tinig ng simbahan, alinsunod sa mga batas at [a]tipan ng simbahan, na mapabilang sa simbahan.
5 At kung siya ay magkasala at hindi ituring na karapat-dapat na mapabilang sa simbahan, siya ay walang karapatang angkinin ang bahaging kanyang inilaan sa obispo para sa mga maralita at nangangailangan ng aking simbahan; samakatwid, hindi mapananatili sa kanya ang kaloob, kundi maaangkin lamang ang bahaging yaon na ibinigay sa kanya.
6 At sa gayon ang lahat ng bagay ay bibigyang-katiyakan, [a]alinsunod sa mga [b]batas ng lupain.
7 At yaong nabibilang sa mga taong ito ay itakda sa mga taong ito.
8 At ang [a]salaping naiwan sa mga taong ito—magtalaga ng kinatawan sa mga taong ito, upang kunin ang [b]salapi upang ilaan sa pagkain at kasuotan, alinsunod sa mga kakulangan ng mga taong ito.
9 At makitungo nang [a]tapat

**51** 1*a* GBK Partridge, Edward.
2*a* D at T 42:30–39; 105:5. GBK Paglalaan, Batas ng Paglalaan.
3*a* D at T 49:20.
*b* Gawa 2:44–45; 4 Ne. 1:2–3.
4*a* IE Ang mga bahagi 20 at 22 ay tinawag na mga Saligan at Tipan ng Simbahan ni Jesucristo. D at T 33:14; 42:13. GBK Tipan.
6*a* 1 Ped. 2:13; D at T 98:5–7.
*b* D at T 58:21–22.
8*a* D at T 84:104.
*b* D at T 104:15–18.
9*a* GBK Matapat, Katapatan.

ang bawat tao, at maging pantay sa mga taong ito; at tumanggap nang pantay-pantay, upang kayo ay maging [b]isa, maging tulad ng aking ipinag-utos sa inyo.
10 At yaong pag-aari ng mga taong ito ay huwag kunin at ibigay sa yaong nasa [a]ibang simbahan.
11 Kaya nga, kung ang ibang simbahan ay tatanggap ng salapi ng simbahang ito, sila ay magbayad muli sa simbahang ito alinsunod sa kanilang pagkakasunduan;
12 At ito ay gagawin sa pamamagitan ng obispo o ng kinatawan, na itatalaga ng [a]tinig ng simbahan.
13 At muli, ang obispo ay magtayo ng [a]kamalig sa simbahang ito; at ang lahat ng bagay maging sa salapi at sa karne, na labis sa [b]kakailanganin para sa mga kakulangan ng mga taong ito, ay itabi sa mga kamay ng obispo.
14 At siya rin ay maglaan sa kanyang sarili para sa kanyang mga pansariling kakulangan, at para sa mga kakulangan ng kanyang mag-anak, yayamang siya ay naatasan sa paggawa ng bagay na ito.
15 At sa gayon ipinagkakaloob ko sa mga taong ito ang pribilehiyo ng pagsasaayos ng kanilang sarili alinsunod sa aking mga [a]batas.
16 At inilalaan ko sa kanila ang lupaing [a]ito sa maikling panahon, hanggang sa ako, ang Panginoon, ay maglaan para sa kanila ng iba, at utusan silang umalis mula rito;
17 At ang oras at ang araw ay hindi ibinigay sa kanila, kaya nga kikilos sila sa lupaing ito sa loob ng ilang taon, at ito ay makabubuti para sa kanila.
18 Masdan, ito [a]ay magiging halimbawa sa aking tagapaglingkod na si Edward Partridge, sa ibang mga lugar, sa lahat ng simbahan.
19 At sinuman ang matatagpuang isang matapat, makatarungan at matalinong [a]katiwala ay papasok sa [b]kagalakan ng kanyang Panginoon, at magmamana ng buhay na walang hanggan.
20 Katotohanan, sinasabi ko sa inyo, ako si Jesucristo, na siyang madaling [a]paparito, sa [b]oras na hindi ninyo inaakala. Maging gayon nga. Amen.

9*b* D at T 38:27. GBK Pagkakaisa.
10*a* IE ibang sangay ng Simbahan o ibang relihiyon.
12*a* GBK Pangkalahatang Pagsang-ayon.
13*a* D at T 42:55. GBK Kamalig.
*b* D at T 42:33–34, 55; 82:17–19.
15*a* D at T 51:2.
16*a* IE pook ng Kirtland, Ohio.
18*a* IE isang huwaran.
19*a* Mat. 24:45–47. GBK Katiwala, Ipinagkatiwala.
*b* GBK Kagalakan.
20*a* Apoc. 22:6–16.
*b* Mat. 24:44.

## BAHAGI 52

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa mga elder ng Simbahan, sa Kirtland, Ohio, ika-7 ng Hunyo 1831 (*History of the Church*, 1:175–179). Isang pagpupulong ang ginanap sa Kirtland, simula sa ika-3 at nagtapos sa ika-6 ng Hunyo. Sa pagpupulong na ito ang unang natatanging pag-oorden sa katungkulan ng mataas na saserdote ay ginawa, at ilang pagpapakita ng huwad at manlilinlang na espiritu ay nawari at sinaway.*

*1–2, Ang susunod na pagpupulong ay itinakda na gaganapin sa Missouri; 3–8, Ang pagtatalaga sa ilang elder na maglalakbay na sama-sama ay isinagawa; 9–11, Ituturo ng mga elder yaong mga isinulat ng mga apostol at propeta; 12–21, Ang mga yaong naliwanagan ng Espiritu ay magdadala ng bunga ng papuri at karunungan; 22–44, Ilang elder ang itinalaga na humayong nangangaral ng ebanghelyo habang naglalakbay sa Missouri para sa pagpupulong.*

MASDAN, ganito ang wika ng Panginoon sa mga elder na kanyang [a]tinawag at pinili sa mga huling araw na ito, sa pamamagitan ng tinig ng kanyang Espiritu—

2 Sinasabing: Ako, ang Panginoon, ay ipaaalam sa inyo ang aking kalooban na gagawin ninyo mula sa oras na ito hanggang sa susunod na pagpupulong, na gaganapin sa Missouri, sa [a]lupain na aking [b]ilalaan sa aking mga tao, na siyang mga [c]labi ni Jacob, at yaong mga tagapagmana alinsunod sa [d]tipan.

3 Dahil dito, katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang aking mga tagapaglingkod na sina Joseph Smith, Jun., at Sidney Rigdon ay maglakbay sa sandali na maisagawa ang mga paghahanda upang lisanin ang kanilang mga tahanan at maglakbay sa lupain ng Missouri.

4 At yayamang sila ay matatapat sa akin, ipaaalam sa kanila ang kanilang dapat gawin;

5 At gayon din, yayamang sila ay matatapat, ipaaalam sa kanila ang [a]lupain na inyong mana.

6 At yayamang sila ay hindi matatapat, sila ay mahihiwalay, maging gaya ng kalooban ko, kung ano ang inaakala kong mabuti.

7 At muli, katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang aking tagapaglingkod na sina Lyman Wight at ang aking tagapaglingkod na si John Corrill ay maglakbay na kaagad;

8 At gayon din ang aking tagapaglingkod na si John Murdock, at ang aking tagapaglingkod na si Hyrum Smith, na maglakbay sa lugar ding yaon sa daanan patungong Detroit.

---

**52** 1*a* GBK Tawag, Tinawag ng Diyos, Pagkakatawag.
2*a* D at T 57:1–3.
*b* D at T 58:57; 84:3–4.
*c* Awit 135:4; 3 Ne. 5:21–26.
*d* Abr. 2:6–11. GBK Tipang Abraham.
5*a* D at T 57:1–3.

9 At maglakbay sila mula
roon nangangaral ng salita sa
daan, nangungusap ng [a]wala
nang ibang bagay kundi ang
mga isinulat ng mga [b]propeta
at apostol, at ang yaong mga
itinuro sa kanila ng [c]Mang-
aaliw sa pamamagitan ng pa-
nalangin na may pananampa-
lataya.
10 Sila ay humayo nang [a]dala-
dalawa, at ganito sila ay ma-
ngaral sa daan sa bawat kon-
gregasyon, magbibinyag sa pa-
mamagitan ng [b]tubig, at ang
pagpapatong ng mga [c]kamay sa
tabi ng tubig.
11 Sapagkat ganito ang wika
ng Panginoon, aking paiikliin
ang aking gawain sa [a]kabuti-
han, sapagkat darating ang mga
araw na aking ibababa ang pag-
hahatol tungo sa tagumpay.
12 At mag-ingat ang aking
tagapaglingkod na si Lyman
Wight, sapagkat ninanais ni
Satanas na [a]bistayin siya gaya
ng ipa.
13 At masdan, siya na [a]mata-
pat ay gagawing tagapamahala
sa maraming bagay.
14 At muli, ako ay magbibigay
sa inyo ng isang huwaran sa la-
hat ng bagay, nang hindi kayo
malinlang; sapagkat si Satanas
ay nagtungo sa lupa, at siya ay
naglilibot nililinlang ang mga
bansa—
15 Dahil dito siya na nanana-
langin, na ang espiritu ay [a]nag-
sisisi, siya rin ay aking [b]tina-
tanggap kung sinusunod niya
ang aking mga [c]ordenansa.
16 Siya na nagsasalita, na ang
espiritu ay nagsisisi, na ang mga
salita ay may kaamuan at nag-
papatibay, siya rin ay mula sa
Diyos kung sinusunod niya ang
aking mga ordenansa.
17 At muli, siya na nanginginig
sa ilalim ng aking kapangyari-
han ay gagawing [a]malakas, at
magdadala ng bunga ng papu-
ri at [b]karunungan, alinsunod sa
mga paghahayag at katotoha-
nan na aking ibinigay sa inyo.
18 At muli, siya na nadaig at
hindi [a]nakapagdala ng mga bu-
nga, maging alinsunod sa hu-
warang ito, ay hindi sa akin.
19 Dahil dito, sa pamamagitan
ng huwarang ito inyong [a]maki-
kilala ang mga espiritu sa lahat
ng pagkakataon sa silong ng
buong kalangitan.
20 At ang mga araw ay suma-
pit na, alinsunod sa pananam-
palataya ng mga tao [a]mangya-
yari ito sa kanila.
21 Masdan, ang kautusang ito
ay ibinigay sa lahat ng elder na
aking pinili.

---

9*a* Mos. 18:19–20.
*b* D at T 42:12; 52:36. GBK Banal na Kasulatan, Mga.
*c* GBK Mang-aaliw; Espiritu Santo; Turuan, Guro—Pagtuturo na may Espiritu.
10*a* Mar. 6:7; D at T 61:35.
*b* Juan 1:26.
*c* Gawa 8:14–17.
11*a* Rom. 9:28.
12*a* Lu. 22:31; 3 Ne. 18:17–18.
13*a* Mat. 25:23; D at T 132:53.
15*a* GBK Bagbag na Puso.
*b* D at T 97:8.
*c* GBK Ordenansa, Mga.
17*a* D at T 66:8; 133:58.
*b* GBK Karunungan.
18*a* Mat. 3:10.
19*a* GBK Pagkilala, Kaloob na.
20*a* Mat. 8:5–13.

22 At muli, katotohanang sina-
sabi ko sa inyo maglakbay rin
ang aking tagapaglingkod na
sina [a]Thomas B. Marsh at Ezra
Thayre, mangangaral ng salita
sa daan sa lupain ding ito.
23 At muli, maglakbay ang
aking mga tagapaglingkod na
si Isaac Morley at ang aking ta-
gapaglingkod na si Ezra Booth,
nangangaral din ng salita sa
daan sa lupain ding ito.
24 At muli, maglakbay ang
aking mga tagapaglingkod na
sina [a]Edward Partridge at Martin
Harris kasama ang aking mga
tagapaglingkod na sina Sidney
Rigdon at Joseph Smith, Jun.
25 Maglakbay rin ang aking
mga tagapaglingkod na sina
David Whitmer at Harvey Whit-
lock, at mangaral sa daan sa lu-
pain ding ito.
26 At maglakbay ang aking
mga tagapaglingkod na sina
[a]Parley P. Pratt at [b]Orson Pratt,
at mangaral sa daan, maging sa
lupain ding ito.
27 At maglakbay rin ang aking
mga tagapaglingkod na sina
Solomon Hancock at Simeon
Carter sa lupain ding ito, at
mangaral sa daan.
28 Maglakbay rin ang aking
mga tagapaglingkod na sina
Edson Fuller at Jacob Scott.
29 Maglakbay rin ang aking
mga tagapaglingkod na sina
Levi W. Hancock at Zebedee
Coltrin.
30 Maglakbay rin ang aking
mga tagapaglingkod na sina
Reynolds Cahoon at Samuel H.
Smith.
31 Maglakbay rin ang aking
mga tagapaglingkod na sina
Wheeler Baldwin at William
Carter.
32 At ang aking mga tagapag-
lingkod na sina [a]Newel Knight
at Selah J. Griffin ay ordenan
kapwa at maglakbay rin.
33 Oo, katotohanang sinasa-
bi ko, lahat sila ay maglak-
bay sa isang lugar, sa kanilang
iba-ibang daanan, at ang isang
tao ay hindi dapat magtatag
sa ibabaw ng [a]saligan ng iba,
ni maglakbay sa pinagdaanan
ng iba.
34 Siya na matapat, siya rin ay
pangangalagaan at pagpapala-
in ng maraming [a]bunga.
35 At muli, sinasabi ko sa
inyo, ang aking tagapagling-
kod na sina Joseph Wakefield
at Solomon Humphrey ay mag-
lakbay patungo sa mga lupaing
silangan;
36 Gumawa sila kasama ng
kanilang mag-anak, [a]nagpapa-
hayag ng walang ibang bagay
maliban sa mga propeta at
apostol, na kanilang [b]nakita at
narinig at tunay na [c]pinanini-
walaan, upang ang mga prope-
siya ay matupad.
37 Bunga ng paglabag, ang
yaong ipinagkaloob kay He-
man Basset ay [a]kunin sa kan-

22*a* D at T 56:5.
GBK Marsh, Thomas B.
24*a* GBK Partridge, Edward.
26*a* GBK Pratt, Parley Parker.
*b* GBK Pratt, Orson.
32*a* D at T 56:6–7.
33*a* Rom. 15:20.
34*a* Juan 15:16; D at T 18:15–16.
36*a* Mos. 18:19–20; D at T 52:9.
*b* Juan 3:11.
*c* GBK Paniniwala, Maniwala.
37*a* Mat. 25:25–30.

ya, at ilagay sa ulo ni Simonds Ryder.

38 At muli, katotohanang sinasabi ko sa inyo, si Jared Carter ay [a]iordenang isang saserdote, at gayon din si George James ay iordenang isang [b]saserdote.

39 Ang mga natirang elder ay [a]mangalaga sa mga simbahan, at ipahayag ang salita sa mga lugar sa paligid nila; at gumawa sila sa pamamagitan ng kanilang sariling mga kamay nang hindi magkaroon ng [b]pagsamba sa mga diyus-diyusan ni paggawa ng kasamaan.

40 At alalahanin sa lahat ng bagay ang mga [a]maralita at ang mga [b]nangangailangan, ang maysakit at ang naghihirap, sapagkat siya na hindi gumagawa ng mga bagay na ito, siya rin ay hindi ko disipulo.

41 At muli, magdala ang aking mga tagapaglingkod na sina Joseph Smith, Jun., at Sidney Rigdon at Edward Partridge ng isang [a]rekomendasyon mula sa simbahan. At kumuha rin ng isa para sa aking tagapaglingkod na si Oliver Cowdery.

42 At sa ganito, maging gaya ng sinabi ko, kung kayo ay matatapat ay titipunin ninyo nang sama-sama ang inyong sarili upang magsaya sa lupain ng [a]Missouri, na lupain na inyong [b]mana, na ngayon ay lupain ng inyong mga kaaway.

43 Subalit, masdan, ako, ang Panginoon, ay mamadaliin ang lunsod sa kanyang panahon, at puputungan ang matatapat nang may [a]galak at nang may pagsasaya.

44 Masdan, ako si Jesucristo, ang Anak ng Diyos, at [a]dadakilain ko sila sa huling araw. Maging gayon nga. Amen.

## BAHAGI 53

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, kay Algernon Sidney Gilbert, sa Kirtland, Ohio, Hunyo 1831 (*History of the Church, *1:179–180). Sa kahilingan ni Sidney Gilbert, ang Propeta ay nagtanong sa Panginoon tungkol sa gawain ni Kapatid na Gilbert at pagkakatalaga sa Simbahan.*

*1–3, Ang pagtawag at paghirang sa Simbahan kay Sidney Gilbert ay upang ordenan bilang isang elder; 4–7, Siya ay maglilingkod din bilang kinatawan ng obispo.*

MASDAN, sinasabi ko sa iyo, aking tagapaglingkod na si Sidney Gilbert, na aking narinig ang iyong mga panalangin; at ikaw ay tumawag sa

38a D at T 79:1.
b GBK Saserdote, Pagkasaserdoteng Aaron.
39a Alma 6:1.
b GBK Pagsamba sa Diyus-diyusan.
40a D at T 104:15–18. GBK Maralita.
b GBK Kapakanan.
41a D at T 20:64.
42a GBK Sion.
b D at T 25:2; 57:1–3.
43a GBK Kagalakan.
44a D at T 88:96–98.

akin upang maipaalam sa iyo, ng Panginoon mong Diyos, ang hinggil sa iyong pagkatawag at [a]pagkahirang sa simbahan, na ako, ang Panginoon, ay ibinangon sa mga huling araw na ito.
2 Masdan, ako, ang Panginoon, na [a]ipinako sa krus para sa mga kasalanan ng sanlibutan, ay nagbibigay sa iyo ng isang kautusan na iyong [b]talikdan ang sanlibutan.
3 Tanggapin mo ang ordinasyon ko, maging ang pagiging isang elder, upang mangaral ng pananampalataya at pagsisisi at [a]kapatawaran ng mga kasalanan, alinsunod sa aking salita, at ang pagtanggap ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga [b]kamay.
4 At gayon din ay maging isang [a]kinatawan ng simbahan sa lugar na itatakda ng obispo, alinsunod sa mga kautusan na ibibigay pagkaraan nito.
5 At muli, katotohanang sinasabi ko sa iyo, maglalakbay ka kasama ng aking mga tagapaglingkod na sina Joseph Smith, Jun., at Sidney Rigdon.
6 Masdan, ang mga ito ang unang ordenansa na iyong matatanggap; at ang iba pa ay ipaaalam sa darating na panahon, alinsunod sa iyong gawain sa aking ubasan.
7 At muli, nais ko na iyong malaman na ang maliligtas lamang ay siya na [a]nakapagtiis hanggang wakas. Maging gayon nga. Amen.

## BAHAGI 54

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, kay Newel Knight, sa Kirtland, Ohio, Hunyo 1831 (*History of the Church, *1:180–181). Ang mga kasapi ng Simbahan sa sangay sa Thompson, Ohio, ay nahati sa mga katanungan tungkol sa paglalaan ng mga ari-arian. Ang pagmamaramot at kasakiman ay nakita, at sinira ni Leman Copley ang kanyang tipan na ilaan ang kanyang malaking sakahan bilang isang lugar na mana para sa mga Banal na dumating mula sa Colesville, New York. Si Ezra Thayre ay nasangkot din sa pagtatalo. Bunga nito, si Newel Knight (pangulo sa sangay sa Thompson) at iba pang elder ay lumapit sa Propeta upang magtanong kung paano ang gagawin. Ang Propeta ay nagtanong sa Panginoon at natanggap itong paghahayag. (Tingnan sa bahagi 56, na karugtong ng paksa.)*

**53** 1*a* GBK Pagkakatawag at Pagkakahirang; Hinirang, Pagkakahirang.
2*a* GBK Pagpapako sa Krus.
*b* GBK Daigdig; Kamunduhan.
3*a* GBK Kapatawaran ng mga Kasalanan.
*b* GBK Kamay, Pagpapatong ng mga.
4*a* D at T 57:6, 8–10, 14–15; 84:113.
7*a* GBK Makapagtiis.

*1–6, Ang mga Banal ay kinakailangang tumupad sa mga tipan ng ebanghelyo upang makatamo ng awa; 7–10, Sila ay kinakailangang maging mapagtiis sa mga pagdurusa.*

MASDAN, ganito ang wika ng Panginoon, maging ang [a]Alpha at Omega, ang simula at ang wakas; maging siya na [b]ipinako sa krus para sa mga kasalanan ng sanlibutan—
2 Masdan, katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa iyo, aking tagapaglingkod na si Newel Knight, mananatili kang matatag sa katungkulan na aking itinalaga sa iyo.
3 At kung ang iyong mga kapatid ay nagnanais na tumakas sa kanilang mga kaaway, magsisi sila sa lahat ng kanilang mga kasalanan, at maging tunay na [a]mapagpakumbaba sa harapan ko at nagsisisi.
4 At yaman din lamang na ang [a]tipan na kanilang ginawa sa akin ay nasira, samakatwid ito ay [b]walang halaga at walang bisa.
5 At sa aba niya na siyang pinanggalingan ng [a]kasalanang ito, sapagkat mas mabuti pa sa kanya na siya ay nalunod sa kailaliman ng dagat.
6 Subalit pinagpala sila na mga tumupad sa tipan at sumunod sa kautusan, sapagkat sila ay makatatamo ng [a]awa.
7 Dahil dito, humayo ngayon at lisanin ang lupain, at baka sumalakay ang inyong mga kaaway; at maglakbay kayo, at magtalaga ng nais ninyong maging pinuno, at upang magbayad ng salapi para sa inyo.
8 At sa ganito kayo ay maglalakbay sa mga lupaing pakanluran, patungo sa lupain ng [a]Missouri, patungo sa mga hangganan ng mga Lamanita.
9 At matapos ang inyong paglalakbay, masdan, sinasabi ko sa inyo, maghanap kayo ng [a]ikabubuhay gaya ng mga tao, hanggang sa makapaghanda ako ng lugar para sa inyo.
10 At muli, maging [a]mapagtiis sa pagdurusa hanggang sa [b]pagparito ko; at, masdan, ako ay kaagad na paparito, at ang aking panggantimpala ay dala ko, at sila na [c]naghanap sa akin nang maaga ay makasusumpong ng [d]kapahingahan sa kanilang mga kaluluwa. Maging gayon nga. Amen.

**54** 1*a* Apoc. 1:8; D at T 19:1. GBK Alpha at Omega.
*b* GBK Pagpapako sa Krus.
3*a* GBK Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba.
4*a* D at T 42:30–39. GBK Paglalaan, Batas ng Paglalaan.
*b* D at T 58:32–33.
5*a* Mat. 18:6–7.
6*a* GBK Awa, Maawain.
8*a* D at T 52:42.
9*a* 1 Tes. 4:11.
10*a* GBK Tiyaga.
*b* Apoc. 22:12. GBK Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
*c* Kaw. 8:17. GBK Panalangin.
*d* Mat. 11:28–30. GBK Kapahingahan.

# BAHAGI 55

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, kay William W. Phelps, sa Kirtland, Ohio, Hunyo 1831 (* History of the Church, *1:184–186). Si William W. Phelps, isang manlilimbag, at ang kanyang mag-anak ay kararating lamang sa Kirtland, at ang Propeta ay humingi ng kaalaman sa Panginoon hinggil sa kanya.*

*1–3, Si W. W. Phelps ay tinawag at pinili upang mabinyagan, maordenan bilang isang elder, at mangaral ng ebanghelyo; 4, Siya rin ay magsusulat ng mga aklat pambata sa mga paaralan sa Simbahan; 5–6, Siya ay maglalakbay sa Missouri, na siyang lugar na kanyang pagpapagalan.*

MASDAN, ganito ang wika
ng Panginoon sa iyo, aking
tagapaglingkod na William, oo,
maging ang Panginoon ng bu-
ong [a]mundo, ikaw ay tinawag
at pinili; at matapos kang [b]ma-
binyagan sa pamamagitan ng
tubig, na kung iyong gagawin
nang may matang nakatuon sa
aking kaluwalhatian, ikaw ay
magkakaroon ng kapatawaran
ng iyong mga kasalanan at ma-
katatanggap ng Banal na Espi-
ritu sa pamamagitan ng pagpa-
patong ng mga [c]kamay;
2 At pagkatapos ikaw ay oor-
denan sa pamamagitan ng ka-
may ng aking tagapaglingkod
na si Joseph Smith, Jun., upang
maging isang elder ng simba-
hang ito, na mangangaral ng
pagsisisi at [a]kapatawaran ng
mga kasalanan sa pamamagi-
tan ng pagpapabinyag sa pa-
ngalan ni Jesucristo, ang Anak
ng buhay na Diyos.
3 At kung kanino mo man ipa-
tong ang iyong mga kamay,
kung sila ay nagsisi sa harapan
ko, ikaw ay magkakaroon ng
kapangyarihan na ibigay ang
Banal na Espiritu.
4 At muli, ikaw ay oorde-
nan upang tumulong sa aking
tagapaglingkod na si Oliver
Cowdery na isagawa ang ga-
wain ng paglilimbag, at ng
pagpili at pagsulat ng mga [a]ak-
lat para sa mga paaralan ng
simbahang ito, upang ang ma-
liliit na bata ay makatanggap
din ng mga tagubilin sa hara-
pan ko na ikinalulugod ko.
5 At muli, katotohanang sina-
sabi ko sa iyo, sa kadahilanang
ito, ikaw ay maglalakbay na ka-
sama ang aking mga tagapag-
lingkod na sina Joseph Smith,
Jun., at Sidney Rigdon, upang
ikaw ay [a]maitayo sa lupain na
iyong mana upang isagawa ang
gawaing ito.
6 At muli, maglakbay rin ang
aking tagapaglingkod na si

**55** 1*a* Deut. 10:14; 1 Ne. 11:6; 2 Ne. 29:7.
*b* GBK Pagbibinyag, Binyagan.
*c* GBK Kamay, Pagpapatong ng mga.
2*a* GBK Kapatawaran ng mga Kasalanan.
4*a* D at T 88:118; 109:7, 14.
5*a* Amos 9:15.

Joseph Coe na kasama nila. Ang iba ay ipaaalam pagkaraan nito, maging gaya ng kalooban ko. Amen.

## BAHAGI 56

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Kirtland, Ohio, Hunyo 1831 (*History of the Church, *1:186–188). Si Ezra Thayre, na itinalaga upang maglakbay sa Missouri kasama ni Thomas B. Marsh (tingnan sa bahagi 52:22), ay hindi makapagsimula sa kanyang misyon nang ang huli ay handa na. Si Elder Thayre ay hindi pa handang lumisan sa kanyang paglalakbay dahil sa kanyang pagkakasangkot sa mga suliranin sa Thompson, Ohio (tingnan sa ulo ng bahagi 54). Tinugon ng Panginoon ang pagtatanong ng Propeta hinggil sa bagay na ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng paghahayag na ito.*

*1–2, Ang mga Banal ay kinakailangang magpasan ng kanilang krus at sumunod sa Panginoon upang matamo ang kaligtasan; 3–13, Ang Panginoon ay nag-uutos at magpapawalang-bisa, at ang mga hindi sumusunod ay itinitiwalag; 14–17, Sa aba sa mayayaman na hindi tutulong sa mga maralita, at sa aba sa mga maralita na ang puso ay hindi bagbag; 18–20, Pinagpala ang mga maralita na dalisay sa puso, sapagkat mamanahin nila ang mundo.*

MAKINIG, O kayong mga tao na [a]nagpapanggap sa aking pangalan, wika ng Panginoon ninyong Diyos; sapagkat masdan, ang aking galit ay nagsisiklab laban sa mga mapanghimagsik, at kanilang makikilala ang aking bisig at ang aking kapootan, sa araw ng [b]pagdalaw at ng pagkapoot sa mga bansa.
2 At siya na hindi magpapasan ng kanyang [a]krus at [b]susunod sa akin, at tutupad sa aking mga kautusan, siya rin ay hindi maliligtas.
3 Masdan, ako, ang Panginoon, ay nag-uutos; at siya na hindi [a]sumusunod ay [b]ihihiwalay sa takda kong panahon, matapos akong mag-utos at ang kautusan ay hindi sinunod.
4 Dahil dito ako, ang Panginoon ay nag-uutos at [a]nagpapawalang-bisa, sa inaakala kong mabuti, at ang lahat ng ito ay pananagutan ng mga [b]naghihimagsik, wika ng Panginoon.
5 Dahil dito, pinawawalangbisa ko ang kautusan na ibinigay sa aking mga tagapagling-

**56** 1*a* D at T 41:1.
*b* Is. 10:3–4; Morm. 9:2; D at T 1:13–14; 124:10.
2*a* Lu. 14:27.
*b* 1 Ped. 2:21; 2 Ne. 31:10–13; Moro. 7:11. GBK Jesucristo—Halimbawa ni Jesucristo.
3*a* GBK Pagsunod, Masunurin, Sumunod.
*b* D at T 1:14–16; 50:8.
4*a* D at T 58:31–33.
*b* GBK Paghihimagsik.

kod na sina [a]Thomas B. Marsh
at Ezra Thayre, at nagbibigay ng
isang bagong kautusan sa aking
tagapaglingkod na si Thomas,
na siya ay kaagad na maglak-
bay sa lupain ng Missouri, at
ang aking tagapaglingkod na si
Selah J. Griffin ay sumama rin
sa kanya.
6 Sapagkat masdan, aking
pinawawalang-bisa ang kautu-
san na ibinigay sa aking mga
tagapaglingkod na sina Selah
J. Griffin at Newel Knight, bu-
nga ng pagkamatigas ng leeg ng
aking mga tao na nasa Thomp-
son, at ng kanilang paghihi-
magsik.
7 Dahil dito, ang aking taga-
paglingkod na si Newel Knight
ay mananatiling kasama nila;
at kasindami ng magnanais na
umalis ay makaaalis, na nag-
sisisi sa harapan ko, at aaka-
yin niya sa lupain na aking iti-
nakda.
8 At muli, katotohanang si-
nasabi ko sa inyo, na ang aking
tagapaglingkod na si Ezra
Thayre ay kinakailangang
magsisi sa kanyang [a]kapalalu-
an at sa kanyang kasakiman at
sundin ang naunang kautusan
na aking ibinigay sa kanya
hinggil sa lugar na kanyang pi-
naninirahan.
9 At kung gagawin niya ito,
yayamang walang paghahati-
hating gagawin sa lupain, siya
ay itatalaga pa ring magtungo
sa lupain ng Missouri;
10 Kung hindi, tatanggapin
niya ang salapi na kanyang ibi-
nayad at lilisanin ang lugar, at
[a]ititiwalag mula sa aking sim-
bahan, wika ng Panginoong
Diyos ng mga hukbo;
11 At bagaman ang langit at
ang lupa ay lilipas, ang mga sa-
litang ito ay hindi [a]lilipas, bag-
kus ay matutupad.
12 At kung ang aking taga-
paglingkod na si Joseph Smith,
Jun., ang talagang kinakaila-
ngang magbayad ng salapi,
masdan, ako, ang Panginoon,
ang magbabayad nito muli sa
kanya sa lupain ng Missouri,
upang yaong kanyang tatang-
gapin ay maaaring magantim-
palaan muli alinsunod sa ya-
ong kanilang ginagawa.
13 Sapagkat alinsunod sa ka-
nilang ginagawa sila ay maka-
tatanggap, maging sa lupain
ng kanilang mana.
14 Masdan, ganito ang wika ng
Panginoon sa aking mga tao,
marami kayong bagay na ga-
gawin at pagsisisihan; sapag-
kat masdan, ang inyong mga
kasalanan ay nakarating sa
akin at hindi pa pinatatawad,
sapagkat kayo ay naghangad
ng [a]payo sa sarili ninyong pa-
mamaraan.
15 At ang inyong mga puso ay
hindi nasisiyahan. At hindi
ninyo sinusunod ang katotoha-
nan, subalit may [a]galak sa ka-
samaan.
16 Sa aba ninyong [a]mayaya-

5*a* GBK Marsh, Thomas B.
8*a* GBK Kapalaluan.
10*a* GBK Pagtitiwalag.
11*a* 2 Ne. 9:16.
14*a* Jac. 4:10.
15*a* Alma 41:10; 3 Ne. 27:11.
16*a* Jer. 17:11; 2 Ne. 9:30.

man, na hindi [b]nagbibigay ng inyong yaman sa mga [c]maralita, sapagkat ang inyong [d]kayamanan ang lulupig sa inyong mga kaluluwa; at ito ang inyong magiging panaghoy sa araw ng pagdalaw, at ng paghuhukom, at ng pagkagalit: Ang [e]pag-aani ay tapos na, ang tag-araw ay tapos na, at ang aking kaluluwa ay hindi naligtas!

17 Sa aba ninyong mga [a]maralita, na ang puso ay hindi bagbag, na ang mga espiritu ay hindi nagsisisi, na ang mga tiyan ay hindi nasisiyahan, na ang mga kamay ay hindi mapigilan sa pagkuha ng ari-arian ng iba, na ang mga mata ay puno ng [b]kasakiman, at hindi nagpapagal sa sarili ninyong mga kamay!

18 Subalit pinagpala ang mga [a]maralita na dalisay sa puso, na may mga pusong [b]bagbag, na may mga espiritung nagsisisi, sapagkat makikita nila ang [c]kaharian ng Diyos na dumarating sa kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian sa kanilang pagkaligtas; sapagkat ang kasaganaan ng [d]lupa ay mapapasakanila.

19 Sapagkat masdan, ang Panginoon ay paparito, at ang kanyang [a]panggantimpala ay dala niya, at kanyang gagantimpalaan ang bawat tao, at ang mga maralita ay magsasaya.

20 At ang kanilang mga salinlahi ay [a]magmamana ng lupa sa bawat salinlahi, magpakailanman at walang katapusan. At ngayon tinatapos ko na ang pagsasalita sa inyo. Maging gayon nga. Amen.

## BAHAGI 57

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Sion, Jackson County, Missouri, ika-20 ng Hulyo 1831 (*History of the Church, *1:189–190). Bilang pagsunod sa utos ng Panginoon (bahagi 52), ang mga elder ay naglakbay mula sa Kirtland hanggang sa Missouri na may maraming iba't ibang karanasan at ilang pagsalungat. Sa pagmumuni-muni sa kalagayan ng mga Lamanita at ang kakulangan ng kabihasnan, kalinangan, at relihiyon ng mga tao sa pangkalahatan, ang Propeta ay bumulalas: "Kailan mamumukadkad ang ilang gaya ng rosas? Kailan itatatag ang Sion sa kanyang kaluwalhatian, at saan itatayo ang Iyong templo, na kung saan ang lahat ng bansa ay magtutungo sa*

16*b* GBK Limos, Paglilimos.
*c* Kaw. 14:31; Alma 5:55–56. GBK Maralita.
*d* Sant. 5:3.
*e* Jer. 8:20; Alma 34:33–35; D at T 45:2.
17*a* Mos. 4:24–27; D at T 42:42; 68:30–32.
*b* GBK Imbot.
18*a* Mat. 5:3, 8; Lu. 6:20; 3 Ne. 12:3. GBK Maralita.
*b* GBK Bagbag na Puso.
*c* GBK Kaharian ng Diyos o Kaharian ng Langit.
*d* GBK Mundo.
19*a* Apoc. 22:12; D at T 1:10.
20*a* Mat. 5:5; D at T 45:56–58.

*mga huling araw?" (*History of the Church, *1:189). Pagkatapos nito natanggap niya ang paghahayag na ito.*

*1–3, Ang Independence, Missouri, ay pook para sa Lunsod ng Sion at ng templo; 4–7, Ang mga Banal ay bibili ng lupain at tatanggap ng mga mana sa dakong yaon; 8–16, Si Sidney Gilbert ay magtatayo ng isang tindahan, si W. W. Phelps ay magiging manlilimbag, at si Oliver Cowdery ay pamamatnugutan ang mga manuskrito para sa paglalathala.*

MAKINIG, O kayong mga elder ng aking simbahan, wika ng Panginoon ninyong Diyos, na sama-samang nagtipon ng inyong sarili, alinsunod sa aking mga kautusan, sa lupaing ito, na lupain ng [a]Missouri, na [b]lupaing aking itinakda at [c]inilaan para sa [d]pagtitipon ng mga banal.
2 Dahil dito, ito ang lupang pangako, at ang [a]lugar para sa lunsod ng [b]Sion.
3 At ganito ang wika ng Panginoon ninyong Diyos, kung kayo ay tatanggap ng karunungan narito ang karunungan. Masdan, ang lugar na ngayon ay tinatawag na Independence ang tampok na lugar; at ang dako para sa [a]templo ay nasa gawing kanluran, sa lote na hindi malayo mula sa bahay-hukuman.
4 Dahil dito, karunungan na ang lupain ay [a]bilhin ng mga banal, at gayon din ang bawat sukat ng lupain sa gawing kanluran, maging patungo sa hangganan na bumabaybay sa pagitan ng [b]Judio at Gentil;
5 At gayon din ang bawat sukat ng lupain na bumabaybay sa mga parang, yayamang ang aking mga disipulo ay [a]makabibili ng mga lupa. Masdan, ito ang karunungan, upang kanilang [b]matamo ito bilang isang walang hanggang mana.
6 At ang aking tagapaglingkod na si Sidney Gilbert ay tatayo sa katungkulan na aking itinalaga sa kanya, upang tumanggap ng mga salapi, upang maging isang [a]kinatawan ng simbahan, na bibili ng mga lupain sa lugar sa paligid, yayamang ito ay maisasagawa sa kabutihan, at ayon sa itatagubilin ng karunungan.
7 At ang aking tagapaglingkod na si [a]Edward Partridge ay tatayo sa katungkulan na aking itinalaga sa kanya, at [b]hatiin sa

**57** 1*a* D at T 52:42.
*b* D at T 29:7–8; 45:64–66.
*c* D at T 61:17.
*d* GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
2*a* D at T 28:9; 42:9, 62.
*b* GBK Sion.
3*a* D at T 58:57; 97:15–17.
4*a* D at T 48:4.
*b* IE Dito ang "Judio" ay tumutukoy sa mga Lamanita, at "Gentil" sa mga taong puti na nandayuhan.
5*a* D at T 58:49, 51; 101:68–74.
*b* D at T 56:20.
6*a* D at T 53.
7*a* D at T 58:24. GBK Partridge, Edward.
*b* D at T 41:9–11; 58:14–18.

mga banal ang kanilang mana,
maging gaya ng aking iniutos;
at gayon din ang mga yaong
kanyang itinalaga na tumulong
sa kanya.
8 At muli, katotohanang sina-
sabi ko sa inyo, manirahan ang
aking tagapaglingkod na si
Sidney Gilbert sa lugar na ito,
at magtayo ng isang tindahan,
upang siya ay makapagtinda
ng mga kalakal nang walang
daya, upang siya ay makakuha
ng salapi upang ibili ng mga
lupain para sa kabutihan ng
mga banal, at nang kanyang
matamo ang ano mang bagay
na kakailanganin ng mga disi-
pulo upang maitatag sa kani-
lang mana.
9 At kumuha rin ang aking
tagapaglingkod na si Sidney
Gilbert ng isang lisensiya—
masdan narito ang karunungan,
at unawain ng sinumang baba-
sa—nang siya ay makapagpa-
dala rin ng mga kalakal sa mga
tao, maging doon sa nais niyang
maging mga klerk na magliling-
kod sa kanya;
10 Sa ganito maglaan para
sa aking mga banal, nang ang
aking ebanghelyo ay maipa-
ngaral sa mga yaong nakaupo
sa [a]kadiliman at nasa lugar at
[b]anino ng kamatayan.
11 At muli, katotohanang si-
nasabi ko sa inyo, manirahan
ang aking tagapaglingkod na si
[a]William W. Phelps sa lugar na
ito, at maging [b]manlilimbag
para sa simbahan.
12 At narito, kung ang sanli-
butan ay tatanggap ng kanyang
mga isinulat—masdan narito
ang karunungan—kunin niya
ang anumang maaaring mata-
mo sa kabutihan, para sa ika-
bubuti ng mga banal.
13 At ang aking tagapag-
lingkod na si [a]Oliver Cowdery
ay tumulong sa kanya, maging
gaya ng aking ipinag-utos,
saan mang lugar na itatakda sa
kanya, upang sumipi, at upang
magwasto, at pumili, nang ang
lahat ng bagay ay maging was-
to sa harapan ko, gaya ng pag-
papatotoo ng Espiritu sa pama-
magitan niya.
14 At sa ganito manirahan ang
yaong aking mga tinuran sa lu-
pain ng Sion, sa lalong mada-
ling panahon, kasama ang ka-
nilang mag-anak, upang gawin
ang yaong mga bagay maging
gaya ng aking sinabi.
15 At ngayon hinggil sa pagti-
tipon—Gumawa ang obispo at
ang kinatawan ng mga pagha-
handa para sa yaong mga mag-
anak na inutusang magtungo
sa lupaing ito, sa lalong mada-
ling panahon, at patirahin sila
sa kanilang mana.
16 At sa mga natira sa mga el-
der at kasapi may mga karag-
dagang tagubilin ang ibibigay
pagkaraan nito. Maging gayon
nga. Amen.

10*a* Is. 9:2; Mat. 4:16. GBK Kadiliman, Espirituwal na.
*b* Awit 23:4.
11*a* GBK Phelps, William W.
*b* D at T 58:37, 40–41.
13*a* GBK Cowdery, Oliver.

## BAHAGI 58

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Sion, Jackson County, Missouri, ika-1 ng Agosto 1831 (*History of the Church, *1:190–195). Sa unang Sabbath pagkaraan ng pagdating ng Propeta at ng kanyang pangkat sa Jackson County, Missouri, isang pagpupulong na panrelihiyon ang ginanap, at dalawang kasapi ang tinanggap sa pamamagitan ng pagbibinyag. Nang linggong yaon, ang ilan sa Banal sa Colesville mula sa Sangay ng Thompson at ang iba pa ay dumating (tingnan sa bahagi 54). Marami ang nagnais na malaman ang kalooban ng Panginoon hinggil sa kanila sa bagong lugar na pagtitipunan.*

*1–5, Yaong mga nakapagtiis ng kapighatian ay puputungan ng kaluwalhatian; 6–12, Ang mga Banal ay maghahanda para sa kasal ng Kordero at sa hapunan ng Panginoon; 13–18, Ang mga Obispo ang mga hukom sa Israel; 19–23, Ang mga Banal ay kinakailangang sumunod sa mga batas ng lupain; 24–29, Nararapat gamitin ng mga tao ang kanilang kalayaang mamili sa paggawa ng kabutihan; 30–33, Ang Panginoon ay nag-uutos at nagpapawalang-bisa; 34–43, Upang makapagsisi, kailangang aminin at talikdan ng mga tao ang kanilang mga kasalanan; 44–58, Ang mga Banal ay bibili ng kanilang mana at magsisipagtipon sa Missouri; 59–65, Ang ebanghelyo ay kailangang ipangaral sa bawat nilalang.*

MAKINIG, O kayong mga elder ng aking simbahan, at pakinggan ang aking salita, at matuto mula sa akin kung ano ang nais ko hinggil sa inyo, at gayon din hinggil sa lupaing [a]ito na kung saan ko kayo isinugo.

2 Sapagkat katotohanang sinasabi ko sa inyo, pinagpala siya na [a]sumusunod sa aking mga kautusan, maging sa buhay o sa [b]kamatayan; at siya na [c]matapat sa [d]kapighatian, ang gantimpala ng gaya niya ay mas dakila sa kaharian ng langit.

3 Hindi ninyo mamamasdan ng inyong likas na mga mata, sa kasalukuyan, ang balangkas ng inyong [a]Diyos hinggil sa mga bagay na yaon na darating pagkaraan nito, at ang [b]kaluwalhatiang susunod matapos ang maraming kapighatian.

4 Sapagkat pagkatapos ng maraming [a]kapighatian darating ang mga [b]pagpapala. Dahil dito darating ang araw na kayo ay [c]puputungan ng maraming [d]kaluwalhatian; hindi pa oras, subalit nalalapit na.

5 Tandaan ito, na aking sinabi sa inyo noon, upang inyong

**58** 1*a* D at T 57:1–8.
2*a* Mos. 2:22.
*b* 1 Ped. 4:6.
*c* 2 Tes. 1:4.
*d* GBK Pagdurusa.
3*a* GBK Diyos, Panguluhang Diyos.
*b* GBK Kaluwalhatian.
4*a* Awit 30:5; D at T 101:2–7; 103:11–14; 109:76.
*b* GBK Pagpapala, Pagpapalain, Pinagpala.
*c* GBK Putong; Kadakilaan.
*d* Rom. 8:17–18; D at T 136:31.

[a]mailagay ito sa inyong mga puso, at tanggapin ang yaong susunod.

6 Masdan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, sa kadahilanang ito kayo ay aking isinugo—upang kayo ay maging masunurin, at upang ang inyong mga puso ay maging [a]handa na [b]makapagpatotoo sa mga bagay na darating;

7 At gayon din upang kayo ay maparangalan sa pagtatatag ng saligan, at sa pagpapatotoo hinggil sa lupain kung saan itatayo ang [a]Sion ng Diyos;

8 At gayon din na isang piging ng matatabang bagay ay maihanda para sa mga [a]maralita; oo, isang piging ng matatabang bagay, ng mga alak na [b]laon na totoong sala, upang malaman ng mundo na ang mga bibig ng mga propeta ay hindi mabibigo;

9 Oo, isang hapunan sa bahay ng Panginoon, na mainam na pinaghandaan, na kung saan ang lahat ng bansa ay aanyayahan.

10 Una, ang mayayaman at ang may mga pinag-aralan, ang marurunong at ang mararangal;

11 At pagkaraan niyon darating ang araw ng aking kapangyarihan; pagkatapos ang mga maralita, ang mga lumpo, at ang mga bulag, at ang mga bingi, ay darating sa [a]kasalan ng Kordero, at kakain sa [b]hapunan ng Panginoon, na inihanda para sa dakilang araw na darating.

12 Masdan, ako, ang Panginoon, ang nagsabi nito.

13 At nang ang [a]patotoo ay maikalat mula sa Sion, oo, mula sa bibig ng lunsod ng pamana ng Diyos—

14 Oo, para sa kadahilanang ito akin kayong isinugo rito, at pinili ang aking tagapaglingkod na si [a]Edward Partridge, at itinakda sa kanya ang kanyang misyon sa lupaing ito.

15 Subalit kung siya ay hindi magsisisi ng kanyang mga kasalanan, na hindi paniniwala at kabulagan ng puso, tumalima siya at baka siya [a]bumagsak.

16 Masdan ang kanyang misyon ay ibinigay sa kanya, at ito ay hindi ibibigay na muli.

17 At sino man ang tatayo sa misyong ito ay itatalaga na maging isang [a]hukom sa Israel, katulad noong naunang mga panahon, upang maghati ng mga lupain na pamana ng Diyos sa kanyang mga [b]anak;

18 At upang maghukom sa kanyang mga tao sa pamamagitan ng patotoo ng mga makatarungan, at sa pamamagitan ng tulong ng kanyang mga tagapayo, alinsunod sa mga batas ng kaharian na ibinigay ng mga [a]propeta ng Diyos.

5*a* Deut. 11:18–19.
6*a* D at T 29:8.
*b* GBK Patotoo.
7*a* GBK Sion.
8*a* GBK Maralita.
*b* Is. 25:6.
11*a* Mat. 22:1–14; Apoc. 19:9; D at T 65:3.
*b* Lu. 14:16–24.
13*a* Mi. 4:2.
14*a* GBK Partridge, Edward.
15*a* 1 Cor. 10:12.
17*a* D at T 107:72–74. GBK Obispo.
*b* GBK Anak na Lalaki at Babae ng Diyos, Mga.
18*a* GBK Propeta.

19 Sapagkat katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang aking batas ay susundin sa lupaing ito.

20 Walang sinumang tao ang mag-iisip na siya ay pinuno; kundi ang Diyos ang siyang mamamahala sa kanya na naghuhukom, alinsunod sa pasiya ng kanyang kalooban, o, sa ibang salita, siya na nagpapayo o umuupo sa hukumang-luklukan.

21 Walang sinumang tao ang lalabag sa mga [a]batas ng lupain, sapagkat siya na sumusunod sa mga batas ng Diyos ay hindi kailangang lumabag sa mga batas ng lupain.

22 Dahil dito, magpasakop sa kapangyarihang umiiral, hanggang sa [a]siya ay maghari na siyang may karapatang maghari, at lupigin ang lahat ng kaaway sa ilalim ng kanyang mga paa.

23 Masdan, ang mga [a]batas na inyong tinanggap mula sa aking kamay ay mga batas ng simbahan, at sa ganitong pananaw inyo itong panghahawakan. Masdan, narito ang karunungan.

24 At ngayon, gaya ng sinabi ko hinggil sa aking tagapaglingkod na si Edward Partridge, ang lupaing ito ang lupain na kanyang tirahan, at ng yaong kanyang itinalaga upang kanyang maging mga tagapayo; at gayon din ang lupain na tirahan niya na aking itinalaga upang pangalagaan ang aking [a]kamalig;

25 Dahil dito, dalhin nila ang kanilang mga mag-anak sa lupaing ito, habang sila ay magsasanggunian sa kanilang sarili at sa akin.

26 Sapagkat masdan, hindi nararapat na ako ay mag-utos sa lahat ng bagay; sapagkat siya na pinipilit sa lahat ng bagay, ang katulad niya ay isang [a]tamad at hindi matalinong tagapaglingkod; dahil dito siya ay hindi makatatanggap ng gantimpala.

27 Katotohanang sinasabi ko, ang mga tao ay nararapat na maging [a]sabik sa paggawa ng mabuting bagay, at gumawa ng maraming bagay sa kanilang sariling kalooban, at isakatuparan ang maraming kabutihan;

28 Sapagkat ang kapangyarihan ay nasa kanila, kung saan sila ay [a]kinatawan ng kanilang sarili. At yayamang ang tao ay gumagawa nang mabuti hindi mawawala sa kanila ang kanilang gantimpala.

29 Subalit siya na hindi gumagawa ng anumang bagay hangga't hindi siya inuutusan, at tumatanggap ng kautusan na may pusong nag-aalinlangan, at tinutupad ito nang may katamaran, siya rin ay [a]mapapahamak.

30 Sino ako na [a]lumikha ng tao, wika ng Panginoon, na magpapawalang-sala sa kanya na hindi sumusunod sa aking kautusan?

21*a* Lu. 20:22–26; D at T 98:4–10; S ng P 1:12. GBK Pamahalaan.
22*a* GBK Jesucristo; Mesiyas; Milenyo.
23*a* GBK Batas.
24*a* D at T 51:13; 70:7–11.
26*a* Mat. 24:45–51; D at T 107:99–100.
27*a* GBK Kasigasigan; Gawa, Mga.
28*a* GBK Kalayaang Mamili.
29*a* GBK Kapahamakan.
30*a* Is. 45:9–10; Hel. 12:6.

31 Sino ako, wika ng Pangino-
on, na [a]nangako at hindi tumu-
pad?
32 Ako ay nag-uutos at ang
mga tao ay hindi sumusunod;
ako ay [a]nagpapawalang-bisa at
hindi nila natatanggap ang pag-
papala.
33 Pagkatapos kanilang sasa-
bihin sa kanilang mga puso:
Hindi ito ang gawain ng Pa-
nginoon, dahil ang kanyang
mga pangako ay hindi natu-
pad. Subalit sa aba nila, sapag-
kat ang kanilang gantimpala
ay nakatago sa [a]kailaliman, at
hindi sa kaitaasan.
34 At ngayon ibibigay ko sa
inyo ang mga karagdagang ta-
gubilin hinggil sa lupaing ito.
35 Karunungan sa akin na ang
aking tagapaglingkod na si
Martin Harris ay nararapat na
maging isang halimbawa sa sim-
bahan, sa [a]pagbibigay ng kan-
yang salapi sa harapan ng obis-
po ng simbahan.
36 At gayon din, ito ay batas
sa bawat tao na nagtutungo sa
lupaing ito upang tumanggap
ng isang mana; at kanyang ga-
gamitin ang kanyang mga sala-
pi alinsunod sa itinatagubilin
ng batas.
37 At karunungan din na nara-
rapat na may mabiling mga lu-
pain sa Independence, para sa
lugar ng kamalig, at gayon din
para sa bahay ng [a]palimbagan.
38 At ang ibang mga tagubilin
hinggil sa aking tagapagling-
kod na si Martin Harris ay ipag-
kakaloob sa kanya ng Espiritu,
upang kanyang matanggap ang
kanyang mana gaya ng inaaka-
la niyang mabuti;
39 At siya ay magsisi ng kan-
yang mga kasalanan, sapagkat
kanyang hinahangad ang [a]pa-
puri ng sanlibutan.
40 At gayon din ang aking ta-
gapaglingkod na si [a]William W.
Phelps ay tumayo sa katungku-
lan na aking itinalaga sa kanya,
at tumanggap ng kanyang mana
sa lupain;
41 At gayon din siya ay nanga-
ngailangang magsisi, sapagkat
ako, ang Panginoon, ay hindi
gaanong nasisiyahan sa kanya,
sapagkat hinahangad niyang
mangibabaw, at siya ay hindi
lubos na mapagpakumbaba sa
harapan ko.
42 Masdan, siya na [a]nagsisi ng
kanyang mga kasalanan, ay siya
ring [b]patatawarin, at ako, ang
Panginoon, ay hindi na [c]naaala-
ala ang mga ito.
43 Sa pamamagitan nito
inyong malalaman kung ang
isang tao ay nagsisi ng kanyang
mga kasalanan—masdan, kan-
yang [a]aaminin ang mga yaon at
[b]tatalikdan ang mga yaon.
44 At ngayon, katotohanan, si-
nasabi ko hinggil sa mga nai-
wang elder ng aking simbahan,

31*a* D at T 1:37–38; 82:10.
32*a* D at T 56:3–4.
33*a* D at T 29:45.
35*a* D at T 42:30–32.
37*a* D at T 57:11–12.
39*a* 2 Ne. 26:29; D at T 121:34–37.
40*a* GBK Phelps, William W.
42*a* GBK Magsisi, Pagsisisi.
*b* Is. 1:18. GBK Magpatawad.
*c* Is. 43:25.
43*a* D at T 19:20; 64:7. GBK Pagtatapat, Magtapat.
*b* D at T 82:7.

ang panahon ay hindi pa sumasapit, sa maraming taon, upang matanggap nila ang kanilang mana sa lupaing ito, maliban kung kanilang nanaisin ang mga ito sa pamamagitan ng pananalangin nang may pananampalataya, kung ito ay itatakda lamang sa kanila ng Panginoon.
45 Sapagkat, masdan, kanilang [a]itutulak ang mga tao nang magkakasama mula sa mga dulo ng mundo.
46 Dahil dito, sama-sama ninyong tipunin ang inyong sarili; at sila na hindi itinalagang manatili sa lupaing ito, kanilang ipangaral ang ebanghelyo sa mga lugar sa palibot; at pagkatapos nito sila ay bumalik sa kanilang mga tahanan.
47 Sila ay mangaral sa daan, at [a]magpatotoo sa katotohanan sa lahat ng lugar, at manawagan sa mayayaman, sa matataas at sa mababababa, at sa mga maralita na magsisi.
48 At magtayo sila ng mga [a]simbahan, yayamang ang mga naninirahan sa mundo ay magsisisi.
49 At magkaroon ng isang kinatawang itinalaga sa pamamagitan ng tinig ng simbahan, sa simbahan ng Ohio, upang tumanggap ng mga salapi upang bumili ng mga lupain sa [a]Sion.
50 At aking ibinibigay sa aking tagapaglingkod na si Sidney Rigdon ang isang kautusan, na siya ay [a]magsusulat ng isang paglalarawan ng lupain ng Sion, at ng isang pahayag ng niloloob ng Diyos, at ito ay ipaaalam sa kanya sa pamamagitan ng Espiritu;
51 At isang liham at pagpapahatid, ang ihaharap sa buong simbahan upang makatamo ng mga salapi, na ibibigay sa mga kamay ng obispo, ng kanyang sarili o ng kinatawan, na inaakala niyang makabubuti o ayon sa kanyang pangangasiwa, upang makabili ng mga lupain bilang mana para sa mga anak ng Diyos.
52 Sapagkat, masdan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, ang Panginoon ay nagnanais na ang mga disipulo at ang mga anak ng tao ay nararapat na buksan ang kanilang mga puso, maging sa pagbili nitong buong lugar ng bayan, sa oras na ipahintulot ng panahon.
53 Masdan, narito ang karunungan. Gawin nila ito at baka hindi sila makatanggap ng [a]mana, maliban na ito ay sa pamamagitan ng pagdanak ng dugo.
54 At muli, yayamang may lupaing natamo, magsugo ng lahat ng uri ng manggagawa sa lupaing ito, upang gumawa para sa mga banal ng Diyos.
55 Ang lahat ng bagay na ito ay isagawa nang may kaayusan; at ang mga karapatan sa mga lupain ay ipaalam sa pana-panahon, sa pamamagitan ng obispo o ng kinatawan ng simbahan.

45*a* Deut. 33:17.
GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
47*a* D at T 68:8.
48*a* IE mga sangay ng Simbahan.
49*a* GBK Sion.
50*a* D at T 63:55–56.
53*a* D at T 63:27–31.

56 At gawin ang gawain ng
pagtitipon hindi sa pagmamama-
dali, ni sa pamamagitan ng pag-
takas; kundi gawin ito gaya ng
ipapayo ng mga elder ng simba-
han sa mga pagpupulong, alin-
sunod sa kaalaman na kanilang
tinatanggap sa pana-panahon.
57 At italaga at ilaan ng aking
tagapaglingkod na si Sidney
Rigdon ang lupaing ito, at ang
katatayuan para sa [a]templo,
para sa Panginoon.
58 At isang pagpupulong ang
tawagin; at pagkatapos ang
aking mga tagapaglingkod na
sina Sidney Rigdon at Joseph
Smith, Jun., ay bumalik, at si
Oliver Cowdery rin kasama nila,
upang gawin ang nalalabing ga-
wain na aking itinakda sa kanila
sa kanilang sariling lupain, at
ang labi na [a]pamamahalaan ng
mga kapulungan.
59 At walang sinuman ang ba-
balik mula sa lupaing ito mali-
ban na siya ay [a]magpatotoo sa
daan, ng mga yaong nalalaman
niya at tunay niyang pinanini-
walaan.
60 Ang yaong ipinagkaloob
kay Ziba Peterson ay kunin sa
kanya; at siya ay tumayo bilang
isang kasapi sa simbahan, at gu-
mawa sa pamamagitan ng kan-
yang sariling mga kamay, kasa-
ma ang mga kapatid, hanggang
sa siya ay sapat nang [a]naparusa-
han sa lahat ng kanyang kasala-
nan; sapagkat hindi niya ipinag-
tapat ang mga yaon, at inisip
niyang itago ang mga yaon.
61 Ang nalalabing mga elder
ng simbahang ito, na darating
sa lupaing ito, na ang iba sa ka-
nila ay lubos na pinagpala ma-
ging higit pa, ay magdaos din
ng pagpupulong sa lupaing ito.
62 At ang aking tagapagling-
kod na si Edward Partridge ang
mamamahala sa pagpupulong
na idaraos nila.
63 At sila rin ay bumalik, ma-
ngaral ng ebanghelyo sa daan,
magpatotoo sa mga bagay na
ipinahayag sa kanila.
64 Sapagkat, katotohanan, ang
tunog ay kinakailangang huma-
yo mula sa lugar na ito hang-
gang sa buong daigdig, at hang-
gang sa kadulu-duluhang baha-
gi ng mundo—ang ebanghelyo
ay dapat na [a]maipangaral sa ba-
wat kinapal, na kasunod ang
mga [b]palatandaan sa mga yaong
maniniwala.
65 At masdan ang Anak ng
Tao ay [a]paparito. Amen.

## BAHAGI 59

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Sion, Jackson County, Missouri, ika-7 ng Agosto 1831 (*History of the Church, *1:196–201). Nauna sa kanyang talaan ng paghahayag na ito, ang Propeta ay nagsusulat nang naglalarawan ng lupain ng Sion,*

57*a* D at T 57:3; 84:3–5, 31; 97:10–17.
58*a* GBK Pangkalahatang Pagsang-ayon.
59*a* GBK Patotoo.
60*a* GBK Parusa, Pagpaparusa.
64*a* GBK Mangaral.
*b* GBK Palatandaan.
65*a* GBK Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.

*kung saan ang mga tao noon ay nagkatipun-tipon. Ang lupain ay inilaan, tulad ng iniutos ng Panginoon, at ang lugar para sa itatayong templo ay inilaan. Ginawa ng Panginoon ang mga kautusang ito na sadyang naaangkop sa mga Banal sa Sion.*

*1–4, Ang matatapat na Banal sa Sion ay pagpapalain; 5–8, Kailangan nilang mahalin at paglingkuran ang Panginoon at sundin ang kanyang mga kautusan; 9–19, Sa pamamagitan ng pagpapanatiling banal sa araw ng Panginoon, ang mga Banal ay pagpapalain sa temporal at espirituwal; 20–24, Ang mabubuti ay pinangakuan ng kapayapaan sa daigdig na ito at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating.*

MASDAN, pinagpala, wika ng Panginoon, sila na nagtungo sa lupaing ito na ang [a]mata ay nakatuon sa aking kaluwalhatian, alinsunod sa aking mga kautusan.

2 Sa mga yaong nabubuhay ay [a]mamanahin ang lupa, at yaong mga [b]namamatay ay mamamahinga mula sa lahat ng kanilang gawain, at ang kanilang mga gawa ay susunod sa kanila; at sila ay makatatanggap ng [c]putong sa mga [d]mansiyon ng aking Ama, na aking inihanda para sa kanila.

3 Oo, pinagpala sila na kung kaninong mga paa ay nakatindig sa lupain ng Sion, na sumunod sa aking ebanghelyo; sapagkat kanilang tatanggapin bilang kanilang gantimpala ang mabubuting bagay ng lupa, at ito ay magbubunga sa kanyang [a]kasaganahan.

4 At sila rin ay puputungan ng mga pagpapala mula sa itaas, oo, at ng mga kautusang hindi kakaunti, at ng mga [a]paghahayag sa kanilang panahon—sila na [b]matatapat at [c]masisigasig sa harapan ko.

5 Dahil dito, binibigyan ko sila ng isang kautusan, nagsasabi nang ganito: [a]Ibigin ninyo ang Panginoon ninyong Diyos nang buo ninyong [b]puso, nang buo ninyong kapangyarihan, pag-iisip, at lakas; at sa pangalan ni Jesucristo [c]paglingkuran ninyo siya.

6 Ibigin ninyo ang inyong [a]kapwa gaya ng sa inyong sarili. Huwag kayong [b]magnakaw; ni [c]makiapid, ni [d]pumatay, ni gumawa ng anumang bagay tulad nito.

**59** 1*a* Mat. 6:22–24; D at T 88:67.
2*a* Mat. 5:5; D at T 63:20, 48–49.
*b* Apoc. 14:13. GBK Kamatayan, Pisikal na; Paraiso.
*c* GBK Putong; Kadakilaan.
*d* Juan 14:2; D at T 72:4; 76:111; 81:6; 98:18.
3*a* Gen. 4:12; Moi. 5:37.
4*a* D at T 42:61; 76:7; 98:12; 121:26–29. GBK Paghahayag.
*b* GBK Karapat-dapat, Pagiging Karapat-dapat.
*c* GBK Kasigasigan.
5*a* Deut. 11:1; Mat. 22:37; Moro. 10:32; D at T 20:19. GBK Pagmamahal.
*b* GBK Puso.
*c* GBK Paglilingkod.
6*a* GBK Pakikipagkapatiran.
*b* GBK Magnakaw, Pagnanakaw.
*c* GBK Pakikiapid.
*d* GBK Pagpaslang.

7 [a]Pasalamatan ninyo ang Pa-
nginoon ninyong Diyos sa la-
hat ng bagay.
8 Maghandog kayo ng [a]hain
sa Panginoon ninyong Diyos sa
[b]kabutihan, maging yaong may
bagbag na puso at [c]nagsisising
espiritu.
9 At upang lalo pa ninyong
mapag-ingatan ang inyong sari-
ling [a]walang bahid-dungis mula
sa sanlibutan, kayo ay magtu-
ngo sa palanginan at ihandog
ang inyong sakramento sa aking
[b]banal na araw;
10 Sapagkat katotohanang ito
ay araw na itinakda sa inyo
upang magpahinga mula sa in-
yong mga gawain, at [a]iukol ang
inyong mga pananalangin sa
Kataas-taasan;
11 Gayunman ang inyong mga
panata ay iaalay sa kabutihan
sa lahat ng araw at sa lahat ng
panahon;
12 Subalit tandaan na dito, sa
araw ng Panginoon, inyong ia-
alay ang inyong mga [a]handog
at ang inyong mga sakramento
sa Kataas-taasan, [b]ipinagtata-
pat ang inyong mga kasalanan
sa inyong mga kapatid at sa ha-
rapan ng Panginoon.
13 At sa araw na ito wala ka-
yong iba pang bagay na gaga-
win, kundi ihanda ang inyong
pagkain nang may katapatan ng
puso upang ang inyong [a]pag-
aayuno ay maging ganap, o, sa
madaling salita, upang ang in-
yong [b]kagalakan ay malubos.
14 Katotohanan, ito ay pag-
aayuno at pananalangin, o sa
madaling salita, kagalakan at
panalangin.
15 At yayamang ginagawa mo
ang mga bagay na ito nang may
[a]pasasalamat, nang may [b]ma-
ligayang mga [c]puso at mukha,
hindi nang may labis na [d]tawa-
nan, sapagkat ito ay kasalanan,
kundi may masayang puso at
maligayang mukha—
16 Katotohanang sinasabi ko,
na yayamang ginagawa ninyo
ito, ang kabuuan ng mundo ay
sa inyo, ang mga hayop sa pa-
rang at ang mga ibon sa himpa-
pawid, at yaong umaakyat sa
mga puno at lumalakad sa lupa;
17 Oo, at ang damo, at ang
mabubuting bagay na nangga-
galing sa lupa, maging para sa
pagkain o para sa kasuotan, o
para sa mga bahay, o para sa
mga kamalig, o para sa mga ta-
niman, o para sa mga halama-
nan, o para sa mga ubasan;
18 Oo, lahat ng bagay na nang-
gagaling sa [a]lupa, sa panahon

7*a* Awit 92:1; Alma 37:37; D at T 46:32. GBK Salamat, Nagpapasalamat, Pasasalamat.
8*a* GBK Hain.
*b* GBK Matwid, Katwiran.
*c* GBK Bagbag na Puso.
9*a* Sant. 1:27.
*b* GBK Araw ng Sabbath.
10*a* GBK Pagsamba.
12*a* IE mga handog, oras man, talento, o yaman, sa paglilingkod sa Diyos at kapwa. GBK Hain.
*b* GBK Pagtatapat, Magtapat.
13*a* GBK Ayuno, Pag-aayuno.
*b* GBK Kagalakan.
15*a* GBK Salamat, Nagpapasalamat, Pasasalamat.
*b* Ex. 25:2; D at T 64:34.
*c* Kaw. 17:22.
*d* D at T 88:69.
18*a* GBK Mundo.

niyon, ay ginawa para sa kapakinabangan at gamit ng tao, kapwa upang makalugod sa mata at upang pasiglahin ang puso;
19 Oo, para sa pagkain at para sa kasuotan, para sa panlasa at para sa pang-amoy, upang palakasin ang katawan at pasiglahin ang kaluluwa.
20 At ikinalulugod ng Diyos na kanyang ibinigay ang lahat ng bagay na ito sa tao; sapagkat sa ganitong hangarin ang mga ito ay ginawa upang gamitin, nang may karunungan, hindi sa kalabisan, ni sa pagkuha nang sapilitan.
21 At walang bagay na magagawa ang tao na [a]makasasakit sa Diyos, o wala sa kaninuman ang pag-aalab ng kanyang poot, maliban sa yaong mga hindi [b]kumikilala sa kanyang ginawa sa lahat ng bagay, at hindi sumusunod sa kanyang mga kautusan.
22 Masdan, ito ay alinsunod sa batas at mga propeta; kaya, huwag na ninyo akong abalahin hinggil sa bagay na ito.
23 Subalit matutuhan na siya na gumagawa ng mga gawa ng [a]kabutihan ay makatatanggap ng kanyang [b]gantimpala, maging [c]kapayapaan sa daigdig na ito, at buhay na [d]walang hanggan sa daigdig na darating.
24 Ako, ang Panginoon, ang nangusap nito, at ang Espiritu ay nagpapatotoo. Amen.

## BAHAGI 60

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Jackson County, Missouri, ika-8 ng Agosto 1831 (*History of the Church, *1:201–202). Sa pagkakataong ito ang mga elder na itinalagang bumalik sa Silangan ay nagnais na malaman kung paano sila makapagpapatuloy at sa anong landas at pamamaraan sila maglalakbay.*

*1–9, Ang mga elder ay kailangang ipangaral ang ebanghelyo sa mga kongregasyon ng masasama; 10–14, Hindi nila dapat aksayahin ang kanilang panahon, ni itago ang kanilang mga talino; 15–17, Maaari nilang hugasan ang kanilang mga paa bilang isang patotoo laban sa yaong mga hindi tinanggap ang ebanghelyo.*

MASDAN, ganito ang wika ng Panginoon sa mga elder ng kanyang simbahan, na babalik kaagad sa lupain kung saan sila nanggaling: Masdan, ikinalulugod ko ito, na kayo ay pumarito;
2 Subalit sa iba ako ay hindi lubos na nalulugod, sapagkat hindi nila binubuksan ang kanilang mga [a]bibig, kundi kani-

21*a* GBK Makasakit.
*b* Job 1:21.
23*a* GBK Matwid, Katwiran.
*b* GBK Pagpapala, Pagpapalain, Pinagpala.
*c* Mat. 11:28–30. GBK Kapayapaan.
*d* D at T 14:7.
**60** 2*a* Ef. 6:19–20.

lang [b]itinatago ang talino na
aking ibinigay sa kanila, dahil
sa [c]takot sa tao. Sa aba sa ga-
yon, sapagkat ang aking galit
ay nagsisiklab laban sa kanila.
3 At ito ay mangyayari, kung
sila ay hindi magiging higit na
matapat sa akin, ito ay [a]kuku-
nin, maging ang mga nasa ka-
nila na.
4 Sapagkat ako, ang Pangino-
on, ang naghahari sa itaas ng
kalangitan, at sa mga [a]hukbo
ng lupa; at sa araw na aking ga-
gawin ang aking mga [b]hiyas,
malalaman ng lahat ng tao
kung ano ito na sinasabing ka-
pangyarihan ng Diyos.
5 Subalit, katotohanan, ako'y
mangungusap sa inyo hinggil
sa inyong paglalakbay sa lupa-
in kung saan kayo nanggaling.
Gumawa ng sasakyang-dagat, o
bumili, kung anuman ang inaa-
kala ninyong makabubuti, hindi
ito mahalaga sa akin, at kaagad
kayong maglakbay sa lugar na
tinatawag na St. Louis.
6 At mula roon ang aking mga
tagapaglingkod, sina Sidney
Rigdon, Joseph Smith, Jun., at
Oliver Cowdery, ay maglakbay
sa Cincinnati;
7 At sa lugar na ito kanilang
itaas ang kanilang mga tinig at
ipahayag ang aking salita nang
may malalakas na tinig, walang
galit o pag-aalinlangan, itinata-
as ang mga kamay na banal sa
kanila. Sapagkat magagawa ko
kayong [a]banal, at [b]pinatawad sa
inyo ang inyong mga kasalanan.
8 At ang mga natira ay mag-
lakbay mula sa St. Louis, dala-
dalawa, at ipangaral ang salita,
hindi nagmamadali, sa mga
kongregasyon ng masasama,
hanggang sa makabalik sila sa
mga simbahan kung saan sila
nanggaling.
9 At ang lahat ng ito ay para sa
kabutihan ng mga simbahan;
sapagkat sa layuning ito ko sila
isinugo.
10 At ang aking tagapagling-
kod na si [a]Edward Partridge ay
magbahagi ng salapi na aking
ibinigay sa kanya, isang bahagi
sa aking mga elder na inutu-
sang bumalik;
11 At siya na may kaya, kan-
yang ibalik ito sa pamamagitan
ng kinatawan; at siya na wala,
sa kanya ito ay hindi na hihi-
ngin.
12 At ngayon nangungusap ako
tungkol sa mga natira na tutu-
ngo sa lupaing ito.
13 Masdan, sila ay isinugo
upang ipangaral ang aking
ebanghelyo sa mga kongregas-
yon ng masasama; kaya nga, bi-
nibigyan ko sila ng kautusan, na
ganito: Huwag ninyong [a]saya-
ngin ang inyong panahon, ni
huwag ninyong itago ang in-
yong [b]talino upang ito ay hindi
malaman.

2*b* Lu. 8:16, 18.
*c* Mat. 25:14–30.
GBK Takot—Takot sa tao.
3*a* Mar. 4:25; D at T 1:33.
4*a* Alma 43:50.
*b* Is. 62:3; Zac. 9:16; Mal. 3:17; D at T 101:3.
7*a* GBK Kabanalan.
*b* GBK Magpatawad.
10*a* GBK Partridge, Edward.
13*a* D at T 42:42. GBK Tamad, Katamaran.
*b* Mat. 25:24–30; D at T 82:18.

14 At pagkaraang makatungo
kayo sa lupain ng Sion, at naipa-
hayag na ang aking salita, kayo
ay bumalik kaagad, ipinahaha-
yag ang aking salita sa mga kon-
gregasyon ng masasama, hindi
nagmamadali, ni [a]pagalit o na-
kikipagtalo.
15 At ipagpag ang [a]alabok ng
inyong mga paa laban sa yaong
hindi tumanggap sa inyo, hin-
di sa kanilang harapan, at baka
inyo silang pagalitin, kundi
nang palihim; at hugasan ang
inyong mga paa, bilang isang
patotoo laban sa kanila sa araw
ng paghuhukom.
16 Masdan, ito ay sapat na sa
inyo, at ang kalooban niya na
nagsugo sa inyo.
17 At sa pamamagitan ng bi-
big ng aking tagapaglingkod
na si Joseph Smith, Jun., ito ay
ipaaalam hinggil kina Sidney
Rigdon at Oliver Cowdery.
Ang iba pa ay pagkaraan nito.
Maging gayon nga. Amen.

## BAHAGI 61

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa pampang ng Ilog ng Missouri, McIlwaine's Bend, ika-12 ng Agosto 1831 (*History of the Church, *1:202–205). Sa kanilang paglalakbay pabalik sa Kirtland, ang Propeta at sampung elder ay naglakbay sa Ilog ng Missouri sa pamamagitan ng mga bangka. Sa pangatlong araw ng paglalakbay, maraming panganib ang naranasan. Si Elder William W. Phelps, sa isang pangitain na nangyari sa araw, ay nakita ang mangwawasak na nakasakay nang may kapangyarihan sa ibabaw ng tubig.*

*1–12, Ang Panginoon ay nagpahayag ng maraming kapahamakan sa mga tubig; 13–22, Ang mga tubig ay isinumpa ni Juan, at ang mangwawasak ay nakasakay sa ibabaw nito; 23–29, Ang ilan ay may kapangyarihang utusan ang mga tubig; 30–35, Ang mga elder ay kailangang maglakbay nang dala-dalawa at ipangaral ang ebanghelyo; 36–39, Sila ay kailangang maghanda para sa pagparito ng Anak ng Tao.*

MASDAN, at pakinggan ang
tinig niya na nagtataglay
ng lahat ng [a]kapangyarihan, na
siyang mula sa walang hang-
gan hanggang sa walang hang-
gan, maging [b]Alpha at Omega,
ang simula at ang wakas.
2 Masdan, katotohanang sina-
sabi ng Panginoon sa inyo, O ka-
yong mga elder ng aking simba-
han, na natitipon sa dakong ito,
na kung kaninong mga kasala-
nan ay pinatawad na kayo nga-

14*a* Kaw. 14:29.
15*a* Mat. 10:14; Lu. 9:5; Gawa 13:51; D at T 24:15; 75:20; 84:92.
**61** 1*a* GBK Kapangyarihan.
*b* GBK Alpha at Omega.

yon, sapagkat ako, ang Pangino-
on, ay [a]nagpapatawad ng mga
kasalanan, at [b]maawain sa ya-
ong mga [c]nagtatapat ng kani-
lang mga kasalanan nang may
mga mapagpakumbabang puso;
3 Subalit katotohanang sina-
sabi ko sa inyo, na hindi na ito
kinakailangan para sa buong
samahan ng aking mga elder
na mabilis na maglakbay sa
mga tubig, samantalang ang
mga naninirahan sa bawat pa-
nig ay nasasawi sa kawalan ng
paniniwala.
4 Gayunman, pinahintulutan ko
ito upang inyong mapatotoha-
nan; masdan, maraming panga-
nib sa mga tubig, at marami pa
lalung-lalo na pagkatapos nito;
5 Sapagkat ako, ang Pangino-
on, ay nagpahayag sa aking ga-
lit ng maraming kapahamakan
sa mga tubig; oo, at lalo na sa
mga tubig na ito.
6 Gayunman, lahat ng laman
ay nasa aking kamay, at siya na
matapat sa inyo ay hindi masa-
sawi sa pamamagitan ng tubig.
7 Dahil dito, kinakailangan na
ang aking tagapaglingkod na si
Sidney Gilbert at ang aking ta-
gapaglingkod na si [a]William
W. Phelps ay magmadali sa ka-
nilang sadya at misyon.
8 Gayunman, hindi ko haha-
yaan na kayo ay maghiwalay
hangga't hindi kayo [a]naparuru-
sahan sa lahat ng inyong kasa-
lanan, upang kayo ay maging
isa, upang kayo ay hindi masa-
wi sa [b]kasamaan;
9 Subalit ngayon, katotohanang
sinasabi ko, marapat sa akin na
kayo ay maghiwalay. Kaya nga
ang aking mga tagapaglingkod
na sina Sidney Gilbert at William
W. Phelps ay sasama sa kani-
lang mga dating kasamahan, at
sila ay magmadali sa kanilang
paglalakbay upang kanilang ma-
gampanan ang kanilang misyon,
at sa pamamagitan ng pananam-
palataya sila ay mananaig;
10 At yayamang sila ay mata-
pat sila ay pangangalagaan, at
ako, ang Panginoon, ay maka-
kasama nila.
11 At ang mga maiiwan ay
kukunin yaong kinakailangan
para sa pananamit.
12 Dalhin ng aking tagapag-
lingkod na si Sidney Gilbert
yaong hindi niya kinakaila-
ngan, ayon sa inyong pagkaka-
sunduan.
13 At ngayon, masdan, para sa
inyong [a]kabutihan ibinigay ko
sa inyo ang isang [b]kautusan
hinggil sa mga bagay na ito; at
ako, ang Panginoon, ay manga-
ngatwiran sa inyo tulad ng sa
mga tao noong unang panahon.
14 Masdan, ako, ang Pangino-
on, sa simula ay pinagpala ang
mga [a]tubig; subalit sa mga hu-
ling araw, sa pamamagitan ng
bibig ng aking tagapaglingkod
na si Juan, [b]isinumpa ko ang
mga tubig.

2*a* Mos. 4:10–11.
GBK Magpatawad.
*b* GBK Awa, Maawain.
*c* GBK Pagtatapat, Magtapat.
7*a* GBK Phelps, William W.
8*a* GBK Parusa, Pagpaparusa.
*b* GBK Masama, Kasamaan.
13*a* D at T 21:6.
*b* GBK Kautusan ng Diyos, Mga.
14*a* Gen. 1:20.
*b* Apoc. 8:8–11.

15 Kaya nga, darating ang panahon na walang laman na magiging ligtas sa mga tubig.

16 At masasabi sa darating na panahon na walang sinuman ang makatutungo sa lupain ng Sion sa pamamagitan ng mga tubig, kundi siya na matwid sa puso.

17 At, samantalang ako, ang Panginoon, ay [a]isinumpa ang lupa sa simula, maging gayon pa man sa mga huling araw ay pinagpala ko ito, sa kanyang panahon, upang gamitin ng aking mga banal, upang kanilang matamo ang katabaan nito.

18 At ngayon binibigyan ko kayo ng kautusan na kung anuman ang sinabi ko sa isa ay sinasabi ko sa lahat, na dapat ninyong balaan ang inyong mga kapatid hinggil sa mga tubig na ito, upang hindi sila makapaglakbay sa mga ito, at baka ang kanilang pananampalataya ay magkulang at sila ay mahuli sa mga bitag;

19 Ako, ang Panginoon, ay nagpasiya, at ang mangwawasak ay nakasakay sa ibabaw nito, at hindi ko binabawi ang aking ipinasiya.

20 Ako, ang Panginoon, ay nagalit sa inyo kahapon, subalit ngayon ang aking galit ay napawi na.

21 Kaya nga, yaong aking sinabihan, na dapat silang magmadali sa paglalakbay—muli sinasabi ko sa inyo, sila ay magmadali sa kanilang paglalakbay.

22 At hindi mahalaga sa akin, pagkaraan ng maikling panahon, kung mangyayari na nagampanan nila ang kanilang misyon, kahit na naglakbay sila sa pamamagitan ng tubig o sa pamamagitan ng lupa; ito ay ipaaalam sa kanila alinsunod sa kanilang pagpapasiya pagkaraan nito.

23 At ngayon, hinggil sa aking mga tagapaglingkod, sina Sidney Rigdon, Joseph Smith, Jun., at Oliver Cowdery, huwag silang dumaang muli sa pamamagitan ng mga tubig, maliban sa kanal, habang naglalakbay patungo sa kanilang mga tahanan; o sa madaling salita hindi sila dapat dumaan sa tubig sa paglalakbay, maliban sa kanal.

24 Masdan, ako, ang Panginoon, ay nagtakda ng daan para sa paglalakbay ng aking mga banal; at masdan, ito ang daan—na pagkaraan nilang lisanin ang kanal sila ay maglalakbay sa lupa, yayamang sila ay inuutusang maglakbay at magtungo sa lupain ng Sion;

25 At gagawin nila ang tulad ng sa mga anak ni Israel, [a]itinatayo ang mga tolda sa kanilang dinaraanan.

26 At, masdan, ang kautusang ito ay inyong ibibigay sa lahat ng inyong kapatid.

27 Gayunpaman, sa kanya na binigyan ng [a]kapangyarihang utusan ang mga tubig, sa kanya ito ay ibinigay sa pamamagitan ng Espiritu upang malaman ang lahat ng kanyang pamamaraan;

17*a* Moi. 4:23.
25*a* Blg. 9:18.
27*a* GBK Pagkasaserdote; Kapangyarihan.

28 Kaya nga, siya ay gagawa habang ang Espiritu ng buhay na Diyos ay nag-uutos sa kanya, maging sa lupa o sa mga tubig, habang ninanais kong ito ay gawin pagkaraan nito.
29 At sa inyo ay ibinigay ang daraanan para sa mga banal, o ang daan para sa mga banal sa kampo ng Panginoon, sa paglalakbay.
30 At muli, katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang aking mga tagapaglingkod, Sidney Rigdon, Joseph Smith, Jun., at Oliver Cowdery, ay hindi magbubukas ng kanilang mga bibig sa mga kongregasyon ng masasama hanggang sa sumapit sila sa Cincinnati;
31 At sa lugar na iyon itataas nila ang kanilang mga tinig sa Diyos laban sa mga taong yaon, oo, sa kanya na kung kaninong galit ay nagsisiklab laban sa kanilang kasamaan, mga taong labis nang [a]hinog para sa pagkalipol.
32 At mula roon sila ay maglalakbay para sa mga kongregasyon ng kanilang mga kapatid, sapagkat ang kanilang mga gawain maging ngayon ay higit na kinakailangan nila kaysa sa mga kongregasyon ng masasama.
33 At ngayon, hinggil sa mga natitira, sila ay maglalakbay at [a]ipahahayag ang salita sa mga kongregasyon ng masasama, yayamang ito ay ibinigay;
34 At yayamang ginagawa nila ito [a]lilinisin nila ang kanilang mga kasuotan, at sila ay magiging walang bahid-dungis sa harapan ko.
35 At sila ay maglalakbay na magkakasama, o [a]dala-dalawa, kung inaakala nilang mabuti, subalit ang aking tagapaglingkod na si Reynolds Cahoon, at ang aking tagapaglingkod na si Samuel H. Smith, na siya kong lubos na kinalulugdan, ay huwag maghihiwalay hanggang sa sila ay bumalik sa kanilang mga tahanan, at ito ay dahil sa isang matalinong hangarin sa akin.
36 At ngayon, katotohanang sinasabi ko sa inyo, at kung ano ang aking sinabi sa isa sinasabi ko sa lahat, magalak, [a]maliliit na bata; sapagkat ako ay nasa inyong [b]gitna, at hindi ko kayo [c]pinabayaan;
37 At yayamang kayo ay nagpakumbaba ng inyong sarili sa harapan ko, ang mga pagpapala ng [a]kaharian ay sa inyo.
38 Bigkisan ang inyong mga balakang at maging [a]maingat at maging mahinahon, magbantay sa pagparito ng Anak ng Tao, sapagkat siya ay paparito sa oras na hindi ninyo inaakala.
39 [a]Magsipanalangin tuwina upang hindi kayo magsipasok

31*a* Alma 37:31; Hel. 13:14; D at T 101:11.
33*a* GBK Mangaral; Magpatotoo.
34*a* 2 Ne. 9:44; Jac. 2:2; Mos. 2:28.
35*a* GBK Gawaing Pangmisyonero.
36*a* Juan 13:33.
*b* Mat. 18:20.
*c* Is. 41:15–17; 1 Ne. 21:14–15.
37*a* D at T 50:35.
38*a* GBK Magbantay, Mga Tagabantay.
39*a* GBK Panalangin.

sa [b]tukso, upang kayo ay makapanatili sa araw ng kanyang pagparito, maging sa buhay o sa kamatayan. Maging gayon nga. Amen.

## BAHAGI 62

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa pampang ng Ilog ng Missouri sa Chariton, Missouri, ika-13 ng Agosto 1831 (* History of the Church, *1:205–206). Sa araw na ito ang Propeta at ang kanyang pangkat, na nasa kanilang paglalakbay mula Independence patungong Kirtland, ay nasalubong ang ilang elder na naglalakbay patungo sa lupain ng Sion, at, pagkaraan ng masayang pagbabatian, ay tinanggap ang paghahayag na ito.*

*1–3, Ang mga patotoo ay nakatala sa langit; 4–9, Ang mga elder ay kailangang maglakbay at mangaral alinsunod sa pasiya at habang ginagabayan ng Espiritu.*

MASDAN, at makinig, O kayong mga elder ng aking simbahan, wika ng Panginoon ninyong Diyos, maging si Jesucristo, ang inyong [a]tagapamagitan, na nakaaalam ng kahinaan ng tao at kung paano [b]masasaklolohan sila na [c]natutukso.
2 At katotohanang ang aking mga mata ay nasa kanila na hindi pa nakatutungo sa lupain ng Sion; kaya nga ang inyong misyon ay hindi pa tapos.
3 Gayunman, kayo ay pinagpala, sapagkat ang [a]patotoo na inyong sinabi ay [b]nakatala sa langit upang tingnan ng mga anghel; at sila ay nagagalak sa inyo, at pinatawad sa inyo ang inyong mga [c]kasalanan.
4 At ngayon ipagpatuloy ang inyong paglalakbay. Tipunin ninyo ang inyong sarili sa lupain ng [a]Sion; at magpulong at samasamang magalak, at mag-alay ng sakramento sa Kataas-taasan.
5 At pagkatapos ay makababalik na kayo upang magpatotoo, oo, maging magkakasama, o dala-dalawa, kung inaakala ninyong mabuti, hindi ito mahalaga sa akin; maging matapat lamang, at [a]ipahayag ang mabubuting balita sa mga naninirahan sa lupa, o sa mga kongregasyon ng masasama.
6 Masdan, ako, ang Panginoon, ay dinala kayong magkakasama upang ang pangako ay matupad, na ang matatapat sa inyo ay mapangalagaan at magalak na magkakasama sa lupain ng Missouri. Ako, ang

39*b* GBK Tukso, Panunukso.
**62** 1*a* D at T 45:3–4. GBK Tagapamagitan.
*b* Heb. 2:18; Alma 7:12.
*c* GBK Tukso, Panunukso.
3*a* Lu. 12:8–9. GBK Patotoo.
*b* GBK Aklat ng Buhay.
*c* D at T 84:61.
4*a* D at T 57:1–2.
5*a* GBK Gawaing Pangmisyonero.

Panginoon, ay nangangako sa matatapat at hindi [a]makapagsisinungaling.
7 Ako, ang Panginoon, ay nakahanda, kung sinuman sa inyo ang nagnanais na sumakay sa kabayo, o sa mula, o sa karwahe, tatanggapin niya ang pagpapalang ito, kung tinanggap niya ito sa kamay ng Panginoon, na may [a]mapagpasalamat na puso sa lahat ng bagay.
8 Ang mga ito ay maiiwan sa inyo upang gawin ang naaayon sa pasiya at sa mga paggabay ng Espiritu.
9 Masdan, ang [a]kaharian ay sa inyo. At masdan, at narito; ako ay [b]nasa matatapat tuwina. Maging gayon nga. Amen.

## BAHAGI 63

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Kirtland, Ohio, bandang katapusan ng Agosto 1831 (*History of the Church, *1:206–211). Ang Propeta, si Sidney Rigdon, at si Oliver Cowdery ay dumating sa Kirtland noong ika-27 ng Agosto mula sa kanilang pagdalaw sa Missouri. Bilang pambungad na salita sa kanyang tala ng paghahayag na ito, isinulat ng Propeta, "Sa mga araw na ito na ang Simbahan ay nagsisimula pa lamang, may malaking pananabik na matanggap ang salita ng Panginoon sa bawat paksa na sa anumang pamamaraan ay may kinalaman sa ating kaligtasan; at yayamang ang lupain ng Sion ngayon ang pinakamahalagang bagay rito sa lupa na isinasaalang-alang, ako ay nagtanong sa Panginoon para sa karagdagang kaalaman sa pagtitipon ng mga Banal, at ang pagbili ng lupain, at iba pang mga bagay" (*History of the Church, *1:207).*

*1–6, Ang araw ng pagkapoot ay sasapit sa masasama; 7–12, Ang mga tanda ay dumarating sa pamamagitan ng pananampalataya; 13–19, Ang mga nangangalunya sa puso ay magtatatwa sa pananampalataya at itatapon sa lawa ng apoy; 20, Ang matapat ay tatanggap ng mana sa nabagong-anyong mundo; 21, Buong salaysay ng mga pangyayari sa Bundok ng Pagbabagong-anyo ay hindi pa naipahahayag; 22–23, Ang masunurin ay tatanggapin ang mga hiwaga ng kaharian; 24–31, Mga mana sa Sion ay bibilhin; 32–35, Ang Panginoon ay nagpahayag ng mga digmaan, at papatayin ng masasama ang masasama; 36–48, Ang mga Banal ay magtitipon sa Sion at maglalaan ng mga salapi upang itayo ito; 49–54, Ang mga pagpapala ay tiniyak sa matatapat sa Ikalawang Pagparito, sa Pagkabuhay na mag-uli, at sa Milenyo; 55–58, Ito ay araw ng babala; 59–66, Ang pangalan ng Panginoon ay ginagamit sa walang kabuluhan ng mga yaong gumagamit nito nang walang karapatan.*

6*a* Eter 3:12.
7*a* GBK Salamat, Nagpapasalamat, Pasasalamat.
9*a* D at T 61:37.
*b* Mat. 28:20.

MAKINIG, O kayong mga
tao, at buksan ang inyong
mga puso at makinig mula sa
malayo; at makinig, kayo na
tumatawag sa inyong sarili na
mga tao ng Panginoon, at pa-
kinggan ang salita ng Pangino-
on at ang kanyang kalooban
hinggil sa inyo.
2 Oo, katotohanan, sinasabi ko,
pakinggan ang salita niya na
ang galit ay nagsisiklab laban
sa masasama at [a]mapanghi-
magsik;
3 Na siyang nagnanais na ku-
nin maging sila na ninanais
niyang [a]makuha, at pinanga-
ngalagaan ang buhay nila na
nais niyang pangalagaan;
4 Na gumagawa sa sarili ni-
yang kalooban at kasiyahan; at
nangwawasak kung kailan niya
ibig, at may kapangyarihang ibu-
lid ang kaluluwa sa impiyerno.
5 Masdan, ako, ang Panginoon,
nangungusap sa aking tinig, at
ito ay masusunod.
6 Dahil dito, katotohanang si-
nasabi ko, makinig ang masasa-
ma, at ang mga mapanghimag-
sik ay matakot at manginig; at
ang mga hindi nananampalata-
ya ay itikom ang kanilang mga
labi, sapagkat ang [a]araw ng pag-
kapoot ay sasapit sa kanila na
parang isang [b]ipu-ipo, at lahat
ng laman ay [c]malalaman na ako
ang Diyos.
7 At siya na naghahanap ng
mga tanda ay makakikita ng
mga [a]tanda, subalit hindi tungo
sa kaligtasan.
8 Katotohanan, sinasabi ko sa
inyo, mayroon sa inyo na nag-
hahanap ng mga tanda, at may-
roon ngang gayon maging mula
sa simula;
9 Subalit, masdan, ang pana-
nampalataya ay hindi dumara-
ting sa pamamagitan ng mga
tanda, kundi ang mga tanda ay
sumusunod sa yaong sumasam-
palataya.
10 Oo, ang mga tanda ay du-
marating sa pamamagitan ng
[a]pananampalataya, hindi sa pa-
mamagitan ng kalooban ng mga
tao, ni sa kanilang kagustuhan,
kundi sa pamamagitan ng ka-
looban ng Diyos.
11 Oo, ang mga tanda ay du-
marating sa pamamagitan ng
pananampalataya, tungo sa mga
gawang kagila-gilalas, sapagkat
kung walang [a]pananampalataya
ay walang taong makapagpapa-
lugod sa Diyos; at kung kanino
ang Diyos ay nagagalit siya ay
hindi lubos na nalulugod; kaya
nga, sa kanya siya ay hindi nag-
papakita ng mga tanda, maliban
sa [b]pagkagalit tungo sa kanilang
[c]kaparusahan.
12 Kaya nga, ako, ang Pangino-
on, ay hindi nalulugod sa mga
yaon na kasama ninyo na nag-
hanap ng mga tanda at kababa-
laghan upang magkaroon ng

**63** 2*a* GBK Paghihimagsik.
3*a* GBK Kamatayan, Pisikal na.
6*a* GBK Katarungan; Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
*b* Jer. 30:23.
*c* Is. 49:26.
7*a* D at T 46:9. GBK Palatandaan.
10*a* Moro. 7:37. GBK Pananampalataya.
11*a* Heb. 11:6.
*b* D at T 35:11.
*c* D at T 88:65.

pananampalataya, at hindi sa ikabubuti ng mga tao tungo sa aking kaluwalhatian.

13 Gayunman, nagbigay ako ng mga kautusan, at marami ang tumalikod sa aking mga kautusan at hindi sinunod ang mga ito.

14 Mayroon sa inyo na mga [a]nangangalunyang lalaki at babae; ilan sa mga ito ay tumalikod sa inyo, at ang iba ay nanatili sa inyo na pagkatapos nito ngayon ay ibubunyag.

15 Ang mga yaon ay mag-ingat at magsisi agad, kung hindi ang paghuhukom ay sasapit sa kanila gaya ng isang patibong, at ang kanilang kahangalan ay ipahahayag, at ang kanilang mga gawa ay susunod sa kanila sa mata ng mga tao.

16 At katotohanang sinasabi ko sa inyo, gaya ng aking sinabi noon, siya na [a]tumitingin sa isang babae upang [b]pagnasaan siya, o kung sinuman ang magkasala ng [c]pakikiapid sa kanilang mga puso, hindi mapapasakanila ang Espiritu, kundi itatatwa ang pananampalataya at matatakot.

17 Kaya nga, ako, ang Panginoon, ay nagsabi na ang mga [a]duwag, at ang mga hindi nanampalataya, at lahat ng [b]sinungaling, at sinuman ang nagmamahal at [c]gumagawa ng kasinungalingan, at ang mga patutot, at ang mga manggagaway, ay magkakaroon ng kanilang bahagi sa [d]lawang yaon na nagniningas sa apoy at asupre, na siyang [e]ikalawang kamatayan.

18 Katotohanang sinasabi ko, na sila ay hindi magkakaroon ng bahagi sa [a]unang pagkabuhay na mag-uli.

19 At ngayon masdan, ako, ang Panginoon, ay nagsasabi sa inyo na kayo ay hindi [a]mabibigyang-katwiran, sapagkat ang mga bagay na ito ay nasa gitna ninyo.

20 Gayunman, siya na [a]nagtitiis sa pananampalataya at ginagawa ang aking kalooban, ang siya ring mananaig, at makatatanggap ng [b]mana sa mundo kapag ang araw ng pagbabagong-anyo ay dumating;

21 Kapag ang [a]mundo ay [b]nagbagong-anyo, maging alinsunod sa huwarang ipinakita sa aking mga apostol sa [c]bundok; na kung aling ulat ang kabuuan ay hindi pa ninyo natatanggap.

22 At ngayon, katotohanang sinasabi ko sa inyo, na gaya ng

14*a* D at T 42:24–25.
16*a* Mat. 5:27–28; D at T 42:23–26.
*b* GBK Pagnanasa.
*c* GBK Pakikiapid.
17*a* Apoc. 21:8.
*b* GBK Pagsisinungaling.
*c* Apoc. 22:15; D at T 76:103.
*d* Apoc. 19:20; 2 Ne. 9:8–19, 26; 28:23; Jac. 6:10; Alma 12:16–18; D at T 76:36. GBK Impiyerno.
*e* GBK Kamatayan, Espirituwal na.
18*a* Apoc. 20:6.
19*a* GBK Pagbibigay-katwiran, Pangatwiranan.
20*a* D at T 101:35.
*b* Mat. 5:5; D at T 59:2; 88:25–26.
21*a* GBK Mundo—Huling kalagayan ng mundo.
*b* GBK Daigdig—Katapusan ng daigdig.
*c* Mat. 17:1–3.

aking sinabi na aking ipaaalam
ang aking kalooban sa inyo,
masdan aking ipaaalam ito sa
inyo, hindi sa kaparaanan ng
kautusan, sapagkat marami ang
hindi sumusunod sa aking mga
kautusan.
23 Subalit sa kanya na sumu-
sunod sa aking mga kautusan
ay ibibigay ko ang mga [a]hiwa-
ga ng aking kaharian, at ang
mga ito sa kanya ay magiging
isang balon ng tubig na [b]buhay,
na [c]bumubukal tungo sa buhay
na walang hanggan.
24 At ngayon, masdan, ito ang
kalooban ng Panginoon ninyong
Diyos hinggil sa kanyang mga
banal, na sila ay sama-samang
magtipun-tipon sa lupain ng
Sion, hindi nagmamadali, at
baka magkaroon ng kagulu-
han, na magdadala ng salot.
25 Masdan, ang lupain ng
[a]Sion—ako, ang Panginoon, ay
hawak ito sa sarili kong kamay;
26 Gayunman, ako, ang Pa-
nginoon, ay ibinibigay kay [a]Ce-
sar ang mga bagay na kay Cesar.
27 Kaya nga, ako, ang Pangino-
on ay nagnanais na inyong bil-
hin ang mga lupain, upang kayo
ay magkaroon ng kalamangan
sa sanlibutan, upang magkaro-
on kayo ng karapatang mag-
angkin sa sanlibutan upang sila
ay hindi mapukaw sa galit.
28 Sapagkat inilalagay ni [a]Sata-
nas sa kanilang puso na maga-
lit sa inyo, at sa pagpapadanak
ng dugo.
29 Kaya nga, ang lupain ng
Sion ay hindi makukuha kundi
sa pamamagitan ng pagbili o sa
pamamagitan ng dugo, kung
hindi ay walang mana para sa
inyo.
30 At kung sa pamamagitan
ng pagbili, masdan kayo ay pi-
nagpala;
31 At kung sa pamamagitan ng
dugo, yayamang kayo ay pinag-
bawalang magdanak ng dugo,
narito, ang inyong mga kaaway
ay sasalakay sa inyo, at kayo ay
pahihirapan nang lunsod sa lun-
sod, at nang sinagoga sa sinago-
ga, at ilan lamang ang makatata-
gal upang tumanggap ng mana.
32 Ako, ang Panginoon, ay galit
sa masasama; aking ipinagka-
kait ang aking Espiritu sa mga
naninirahan sa mundo.
33 Ako ay nanumpa sa aking
poot, at nagpahayag ng mga
[a]digmaan sa balat ng lupa, at
ang masasama ay papatayin ang
masasama, at takot ang mana-
naig sa bawat tao;
34 At ang mga [a]banal din ay
bahagyang makatatakas; gayun-
man, ako, ang Panginoon, ay ka-
sama nila, at [b]bababa sa langit
mula sa kinaroroonan ng aking
Ama at tutupukin ang [c]masasa-
ma sa [d]apoy na di-maapula.

23*a* Alma 12:9–11; D at T 42:61; 84:19; 107:18–19.
*b* GBK Buhay na Tubig.
*c* Juan 4:14.
25*a* GBK Sion.
26*a* Lu. 20:25; D at T 58:21–23. GBK Pamahalaan.
28*a* GBK Diyablo.
33*a* GBK Digmaan.
34*a* GBK Banal (pangngalan).
*b* GBK Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
*c* Mat. 3:12; 2 Ne. 26:6; D at T 45:57; 64:24; 101:23–25, 66. GBK Masama, Kasamaan.
*d* GBK Apoy.

35 At masdan, hindi pa ito sa ngayon, kundi sa hinaharap.

36 Kaya nga, nakikita na ako, ang Panginoon, ay nagpahayag ng lahat ng bagay na ito sa balat ng lupa, niloob ko na ang aking mga banal ay magtipun-tipon sa lupain ng Sion;

37 At na ang bawat tao ay tanganan ang [a]kabutihan sa kanyang mga kamay at katapatan sa kanyang mga balakang, at itaas ang [b]tinig ng babala sa mga naninirahan sa mundo; at ipahayag maging sa salita at sa pagtakas na ang [c]kapanglawan ay sasapit sa masasama.

38 Kaya nga, ang aking mga disipulo sa Kirtland ay isaayos ang kanilang mga temporal na pangangailangan, na naninirahan sa sakahang ito.

39 Ang aking tagapaglingkod na si Titus Billings, na siyang namamahala roon, ay ipagbili ang lupain, upang siya ay maging handa sa darating na tagsibol nang siya ay makapaglakbay patungo sa lupain ng Sion, kasama nila na naninirahan dito, maliban sa kanila na aking ilalaan sa aking sarili, na hindi aalis hanggang sa aking iutos sa kanila.

40 At ang lahat ng salapi na maaaring matira, hindi mahalaga sa akin kung ito man ay kakaunti o marami, ay ipadala sa lupain ng Sion, sa kanila na aking itinalagang tumanggap.

41 Masdan, ako, ang Panginoon, ay magbibigay sa aking tagapaglingkod na si Joseph Smith, Jun., ng kapangyarihan upang siya ay [a]makakilala sa pamamagitan ng Espiritu yaong mga magsisitungo sa lupain ng Sion, at yaong aking mga disipulo na matitira.

42 Ang aking tagapaglingkod na si Newel K. Whitney ay pananatilihin ang kanyang tindahan, o sa ibang salita, ang tindahan, ng kaunti pang panahon.

43 Gayunman, siya ay magbabahagi ng lahat ng salapi na maaari niyang ibahagi, upang ipadala sa lupain ng Sion.

44 Masdan, ang mga bagay na ito ay nasa sarili niyang mga kamay, siya ay gagawa alinsunod sa karunungan.

45 Katotohanang sinasabi ko, siya ay ordenan bilang isang kinatawan sa mga disipulo na matitira, at siya ay maoordenan sa kapangyarihang ito;

46 At ngayon dalawin agad ang mga simbahan, ipinaliliwanag ang mga bagay na ito sa kanila, kasama ng aking tagapaglingkod na si Oliver Cowdery. Masdan, ito ang aking kalooban, magtamo ng mga salapi maging gaya ng aking itinagubilin.

47 Siya na [a]matapat at nagtitiis ay mananaig sa sanlibutan.

48 Siya na nagpapadala ng mga kayamanan sa lupain ng Sion ay makatatanggap ng [a]mana sa daigdig na ito, at ang kanyang mga gawa ay susunod sa kanya,

37*a* GBK Matwid, Katwiran.
*b* D at T 1:4.
*c* Is. 47:11.
41*a* GBK Pagkilala, Kaloob na.
47*a* Mos. 2:41; D at T 6:13.
48*a* D at T 101:18.

at gayon din ang gantimpala sa
daigdig na darating.
49 Oo, at pinagpala ang mga
patay na [a]nangamatay sa Pa-
nginoon, mula ngayon, kapag
ang Panginoon ay pumarito, at
ang mga lumang bagay ay [b]nag-
silipas na, at lahat ng bagay ay
naging bago, sila ay [c]babangon
mula sa mga patay, at hindi
na [d]mamamatay pagkatapos, at
tatanggap ng mana sa hara-
pan ng Panginoon, sa banal na
lunsod.
50 At siya na nabubuhay kapag
ang Panginoon ay pumarito, at
nanatiling tapat sa pananampa-
lataya, [a]pinagpala siya; gayun-
man, itinakda sa kanya na [b]ma-
matay sa gulang ng tao.
51 Kaya nga, ang mga bata [a]ay
[b]lalaki hanggang sa sila ay tu-
manda; ang matatandang tao
ay mamamatay, subalit sila ay
hindi matutulog sa alabok,
kundi sila ay [c]mababago sa
isang kisap-mata.
52 Kaya nga, sa kadahilanang
ito ipinangaral ng mga apostol
sa sanlibutan ang pagkabuhay
na mag-uli ng mga patay.
53 Ang mga bagay na ito ang
mga bagay na kailangan nin-
yong hanapin, at, nangungu-
sap alinsunod sa paraan ng Pa-
nginoon, ang mga ito ngayon
ay [a]nalalapit na, at sa panahon
na darating, maging sa araw ng
pagparito ng Anak ng Tao.
54 At hanggang sa oras na
yaon ay mayroon pa ring mga
hangal na [a]birhen sa gitna ng
marurunong; at sa oras na yaon
darating ang lubusang paghi-
hiwalay ng mabubuti at ng
masasama; at sa araw na yaon
isusugo ko ang aking mga ang-
hel upang [b]bunutin ang masa-
sama at itapon sa di-maapulang
apoy.
55 At ngayon masdan, katoto-
hanang sinasabi ko sa inyo, ako,
ang Panginoon, ay hindi nalulu-
god sa aking tagapaglingkod na
si [a]Sidney Rigdon; [b]dinadakila
niya ang kanyang sarili sa kan-
yang puso, at hindi tumatang-
gap ng payo, sa halip ay pinig-
hati ang Espiritu;
56 Kaya nga ang kanyang mga
[a]isinulat ay hindi matatanggap
ng Panginoon, at siya ay ga-
gawa ng iba; at kung hindi ito
tatanggapin ng Panginoon,
masdan hindi na siya manana-
tili sa katungkulang itinalaga
sa kanya.
57 At muli, katotohanang sina-
sabi ko sa inyo, [a]yaong nagna-
nais sa kanilang mga puso, sa

49*a* Apoc. 14:13; D at T 42:44–47.
*b* 2 Cor. 5:17.
*c* GBK Pagkabuhay na Mag-uli.
*d* Apoc. 21:4; Alma 11:45; D at T 88:116. GBK Kawalang-kamatayan, Walang Kamatayan.
50*a* GBK Pagpapala, Pagpapalain, Pinagpala.
*b* GBK Kamatayan, Pisikal na.
51*a* GBK Milenyo.
*b* Is. 65:20–22; D at T 45:58; 101:29–31.
*c* 1 Cor. 15:51–52; D at T 43:32.
53*a* D at T 35:15.
54*a* Mat. 25:1–13; D at T 45:56–59.
*b* Mos. 16:2.
55*a* GBK Rigdon, Sidney.
*b* GBK Kapalaluan.
56*a* D at T 58:50.
57*a* D at T 4:3–6.

kaamuan, na [b]balaan ang mga makasalanan na magsisi, sila ay maoordenan sa kapangyarihang ito.
58 Sapagkat ito ay araw ng babala, at hindi araw ng maraming salita. Sapagkat ako, ang Panginoon, ay hindi makukutya sa mga huling araw.
59 Masdan, ako ay mula sa kaitaasan, at ang aking kapangyarihan ay nasa ibaba. Ako ay sumasaibabaw sa lahat, at sumasalahat, at nasa lahat, at [a]hinahanap ang lahat ng bagay, at darating ang araw na lahat ng bagay ay mapapasailalim ko.
60 Masdan, ako ang [a]Alpha at Omega, maging si Jesucristo.
61 Kaya nga, ang lahat ng tao ay mag-ingat kung paano nila sinasambit ang aking [a]pangalan sa kanilang mga labi—
62 Sapagkat masdan, katotohanang sinasabi ko, na marami sa kanila ang nasa ilalim ng sumpang ito, na gumagamit sa pangalan ng Panginoon, at ginagamit ito nang walang kabuluhan, na walang karapatan.
63 Kaya nga, ang mga kasapi ng simbahan ay magsisi ng kanilang mga kasalanan, at ako, ang Panginoon, ay aariin sila; kung hindi sila ay ihihiwalay.
64 Tandaan na yaong nagmumula sa kaitaasan ay [a]banal, at kailangang [b]sambitin nang may pag-iingat, at sa panghihimok ng Espiritu; at dito ay walang sumpa, at matatanggap ninyo ang Espiritu sa [c]pamamagitan ng panalangin; kaya nga, kung wala nito ay mananatili ang sumpa.
65 Ang aking mga tagapaglingkod, sina Joseph Smith, Jun., at Sidney Rigdon, ay maghanap ng isang tahanan, gaya ng itinuro sa kanila sa pamamagitan ng [a]panalangin ng Espiritu.
66 Ang mga bagay na ito ay mananatili upang madaig sa pamamagitan ng pagtitiis, nang sa gayon ay makatanggap ng lalong higit pa at walang hanggang [a]timbang ng [b]kaluwalhatian, kung hindi, isang mas masidhing sumpa. Amen.

## BAHAGI 64

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa mga elder ng Simbahan, sa Kirtland, Ohio, ika-11 ng Setyembre 1831 (*History of the Church, *1:211–214). Ang Propeta ay naghahandang lumipat sa Hiram, Ohio, upang muling gumawa ng pagsasalin ng Biblia, na naisantabi samantalang siya ay nasa Missouri. Isang pangkat ng mga kapatid na lalaki na inutusang maglakbay sa Sion (Missouri) ay*

57*b* D at T 18:14–15. GBK Gawaing Pangmisyonero; Babala, Binalaan.
59*a* 1 Cor. 2:10.
60*a* GBK Alpha at Omega.
61*a* GBK Pagkawalang-galang.
64*a* GBK Banal (pang-uri).
*b* GBK Paggalang.
*c* D at T 42:14.
65*a* GBK Panalangin.
66*a* 2 Cor. 4:17.
*b* Rom. 8:18; D at T 58:4; 136:31.

*masigasig na naghahanda sa paglisan sa Oktubre. Sa abalang panahong ito, ang paghahayag na ito ay natanggap.*

*1–11, Ang mga banal ay inutusang magpatawad sa isa't isa, at kung hindi ay mananatili sa kanila ang mas malaking kasalanan; 12–22, Ang hindi nagsisisi ay ihaharap sa Simbahan; 23–25, Siya na nagbigay ng ikapu ay hindi masusunog sa pagparito ng Panginoon; 26–32, Ang mga Banal ay binalaan laban sa pagkakautang; 33–36, Ang mga mapanghimagsik ay ihihiwalay sa Sion; 37–40, Hahatulan ng Simbahan ang mga bansa; 41–43, Ang Sion ay mananagana.*

MASDAN, ganito ang wika
ng Panginoon ninyong
Diyos sa inyo, O kayong mga
elder ng aking simbahan, ma-
kinig kayo at pakinggan, at
tanggapin ang aking kalooban
hinggil sa inyo.
2 Sapagkat katotohanang sina-
sabi ko sa inyo, aking kalooban
na [a]madaig ninyo ang sanlibu-
tan; dahil dito ako ay [b]mahaha-
bag sa inyo.
3 Mayroon sa inyo na nagka-
sala; subalit katotohanang sina-
sabi ko, sa isang pagkakataong
ito, para sa aking sariling [a]kalu-
walhatian, at para sa kaligtasan
ng mga kaluluwa, aking [b]pina-
tawad kayo sa inyong mga kasa-
lanan.
4 Ako ay magiging maawain
sa inyo, sapagkat ibinigay ko
sa inyo ang kaharian.
5 Ang mga [a]susi ng mga hiwa-
ga ng kaharian ay hindi kuku-
nin mula sa aking tagapagling-
kod na si Joseph Smith, Jun.,
sa pamamagitan ng mga pa-
raang aking itinakda, habang
siya ay nabubuhay, yayamang
sinusunod niya ang aking mga
[b]ordenansa.
6 May mga naghangad ng
masama laban sa kanya nang
walang kadahilanan;
7 Gayunpaman, siya ay nag-
kasala; subalit katotohanang
sinasabi ko sa inyo, ako, ang
Panginoon, ay [a]nagpapatawad
ng mga kasalanan sa mga yaong
[b]umaamin ng kanilang mga ka-
salanan sa aking harapan at
humihingi ng kapatawaran, na
hindi nagkasala tungo sa [c]kama-
tayan.
8 Ang aking mga disipulo,
noong unang panahon, ay nag-
hangad ng [a]masama laban sa
isa't isa at hindi nila pinatawad
ang isa't isa sa kanilang mga
puso; at dahil sa kasamaang ito
sila ay pinahirapan at labis na
[b]pinarusahan.
9 Dahil dito, sinasabi ko sa
inyo, na nararapat ninyong [a]pa-

**64** 2*a* 1 Juan 5:4.
*b* GBK Pagkahahabag.
3*a* Moi. 1:39.
*b* Is. 43:25.
5*a* D at T 28:7; 84:19. GBK Susi ng Pagkasaserdote, Mga.
*b* GBK Ordenansa, Mga.
7*a* GBK Magpatawad; Kapatawaran ng mga Kasalanan.
*b* Blg. 5:6–7; D at T 19:20; 58:43. GBK Pagtatapat, Magtapat.
*c* D at T 76:31–37.
8*a* GBK Kaguluhan.
*b* GBK Parusa, Pagpaparusa.
9*a* Mar. 11:25–26; D at T 82:1.

tawarin ang isa't isa; sapagkat
siya na hindi [b]nagpapatawad sa
kanyang kapatid ng kanyang
mga pagkakasala ay nahatulan
na sa harapan ng Panginoon; sa-
pagkat mananatili sa kanya ang
mas malaking kasalanan.
10 Ako, ang Panginoon, ay
[a]magpapatawad sa yaong aking
patatawarin, subalit kayo ay ki-
nakailangang [b]magpatawad sa
lahat ng tao.
11 At nararapat ninyong sabi-
hin sa inyong mga puso—ang
Diyos ang [a]hahatol sa akin at sa
iyo, at ikaw ay gagantimpalaan
alinsunod sa iyong mga [b]gawa.
12 At siya na hindi nagsisisi ng
kanyang mga kasalanan, at hin-
di ipinagtatapat ang mga yaon,
ay inyong ihaharap sa [a]simba-
han, at gawin sa kanya ang si-
nasabi ng banal na kasulatan sa
inyo, sa pamamagitan ng kautu-
san o sa pamamagitan ng pag-
hahayag.
13 At ito ang inyong gagawin
upang ang Diyos ay maluwal-
hati—hindi dahil sa hindi kayo
nagpapatawad, na walang pag-
kahabag, kundi nang kayo ay
mabigyang-katwiran sa mga
mata ng batas, nang hindi nin-
yo masaktan siya na inyong ta-
gapagbigay ng batas—
14 Katotohanang sinasabi ko,
sa kadahilanang ito inyong ga-
gawin ang mga bagay na ito.
15 Masdan, ako, ang Pangino-
on, ay nagagalit sa kanya na
aking tagapaglingkod na si Ezra
Booth, gayon din sa aking taga-
paglingkod na si Isaac Morley,
sapagkat hindi nila sinunod ang
batas, ni ang kautusan;
16 Sila ay naghangad ng kasa-
maan sa kanilang puso, at ako,
ang Panginoon, ay nagkait ng
aking Espiritu. Kanilang [a]sinum-
pang masama ang bagay na hin-
di masama; gayunpaman aking
pinatawad ang aking tagapag-
lingkod na si Isaac Morley.
17 At gayon din ang aking
tagapaglingkod na si [a]Edward
Partridge, masdan, siya ay nag-
kasala, at si [b]Satanas ay nagha-
hangad na mawasak ang kan-
yang kaluluwa, subalit kung
ang mga bagay na ito ay ipaa-
alam sa kanila, at sila ay magsi-
sisi sa kasamaan, sila ay patata-
warin.
18 At ngayon, katotohanang si-
nasabi ko na kinakailangan sa
akin na ang aking tagapagling-
kod na si Sidney Gilbert, pag-
kalipas ng ilang linggo, ay bu-
malik sa kanyang gawain, at sa
kanyang tungkulin sa lupain
ng Sion;
19 At yaong kanyang nakita
at narinig ay maipaaalam sa
aking mga disipulo, nang sila ay
hindi masawi. At sa kadahila-
nang ito aking sinabi ang mga
bagay na ito.
20 At muli, sinasabi ko sa inyo,
na ang aking tagapaglingkod na
si Isaac Morley ay hindi [a]matu-

9*b* Mat. 6:14–15; Ef. 4:32.
10*a* Ex. 33:19; Alma 39:6; D at T 56:14.
*b* Mos. 26:29–31.
11*a* 1 Sam. 24:12.
*b* 2 Tim. 4:14.
12*a* D at T 42:80–93.
16*a* 2 Ne. 15:20; D at T 121:16.
17*a* GBK Partridge, Edward.
*b* GBK Diyablo.
20*a* GBK Tukso, Panunukso.

tukso nang higit pa sa kanyang makakayanan, at magpayo ng mali sa inyong ikapapahamak, ako ay nagbigay ng kautusan na ang kanyang sakahan ay nararapat na ipagbili.

21 Hindi ko nais na ang aking tagapaglingkod na si Frederick G. Williams ay ipagbili ang kanyang sakahan, sapagkat ako, ang Panginoon, ay niloob na magpapanatili ng matatag na muog sa lupain ng Kirtland, sa loob ng limang taon, sa panahong iyon hindi ko lilipulin ang masasama, nang sa gayon ako ay makapagligtas ng ilan.

22 At matapos ang araw na yaon, ako, ang Panginoon, ay hindi [a]pananagutin ang sinuman na patutungo nang may bukas na puso sa lupain ng Sion; sapagkat ako, ang Panginoon, ay hinihingi ang mga [b]puso ng mga anak ng tao.

23 Masdan, ang panahong ito ay tinawag na [a]ngayon hanggang sa [b]pagparito ng Anak ng Tao, at katotohanan ito ay araw ng [c]paghahain, at araw ng pagbabayad ng ika-sampung bahagi ng aking tao; sapagkat siya na nagbibigay ng [d]ikapu ay hindi [e]masusunog sa kanyang pagparito.

24 Sapagkat pagkatapos ng ngayon ay darating ang [a]pagsunog—ang pangungusap na ito ay ayon sa pamamaraan ng Panginoon—sapagkat katotohanang sinasabi ko, bukas ang lahat ng [b]palalo at sila na nagsisigawa ng kasamaan ay magiging parang dayami; at akin silang susunugin, sapagkat ako ang Panginoon ng mga Hukbo; at hindi ko paliligtasin ang sinumang mamamalagi sa [c]Babilonia.

25 Dahil dito, kung naniniwala kayo sa akin, kayo ay gagawa habang ito ay tinatawag na ngayon.

26 At hindi nararapat na ang aking mga tagapaglingkod, na sina [a]Newel K. Whitney at Sidney Gilbert, ay ipagbili ang kanilang [b]tindahan at ang kanilang mga ari-arian dito; sapagkat hindi ito karunungan hanggang ang natitira ng simbahang ito, na nananatili sa lugar na ito, ay magsitungo sa lupain ng Sion.

27 Masdan, nasasaad sa aking batas, o ipinagbabawal, na magkaroon ng [a]pagkakautang sa inyong mga kaaway;

28 Subalit masdan, hindi nasasaad kailanman na ang Panginoon ay hindi nararapat na kumuha ng isang bagay ayon sa kanyang kalooban, at magbayad ayon sa inaakala niyang mabuti.

22*a* GBK Pagkakasala.
*b* Ex. 35:5; D at T 59:15; 64:34.
23*a* D at T 45:6; 64:24–25.
*b* GBK Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
*c* GBK Hain.
*d* Mal. 3:10–11. GBK Ikapu.
*e* Mal. 4:1; 3 Ne. 25:1; JS—K 1:37.
24*a* Is. 66:15–16. GBK Mundo—Paglilinis ng mundo; Daigdig—Katapusan ng daigdig.
*b* Mal. 3:15; 2 Ne. 12:12; 23:11. GBK Kapalaluan.
*c* D at T 1:16. GBK Babel, Babilonia.
26*a* GBK Whitney, Newel K.
*b* D at T 57:8.
27*a* GBK Utang.

29 Dahil dito, yayamang kayo ay mga kinatawan, kayo ay nasa paglilingkod sa Panginoon; at anuman ang inyong gagawin alinsunod sa kalooban ng Panginoon ay gawain ng Panginoon.
30 At itinalaga niya kayo upang tustusan ang kanyang mga banal sa mga huling araw na ito, upang sila ay makakamit ng [a]mana sa lupain ng Sion.
31 At masdan, ako, ang Panginoon, ay nagpapahayag sa inyo, at ang aking mga [a]salita ay tiyak at hindi [b]mabibigo, na kanilang makakamit ito.
32 Gayunman lahat ng bagay ay kinakailangang mangyari sa kanilang panahon.
33 Dahil dito, huwag [a]mapagod sa paggawa ng mabuti, sapagkat kayo ay naglalagay ng saligan ng isang dakilang gawain. At mula sa [b]maliliit na bagay nagmumula ang yaong dakila.
34 Masdan, [a]hinihingi ng Panginoon ang [b]puso at may pagkukusang isipan; at ang may pagkukusa at ang [c]masunurin ay kakainin ang taba ng lupain ng Sion sa mga huling araw na ito.
35 At ang [a]mapaghimagsik ay [b]ihihiwalay sa lupain ng Sion, at itataboy, at hindi mamamana ang lupain.
36 Sapagkat, katotohanang sinasabi ko na ang mga mapanghimagsik ay hindi nagmula sa dugo ni [a]Ephraim, samakatwid sila ay bubunutin.
37 Masdan, ako, ang Panginoon, ay nagtayo ng aking simbahan sa mga huling araw na ito na tulad ng isang hukom na nakaupo sa isang burol, o sa isang mataas na lugar, upang maghukom sa mga bansa.
38 Sapagkat ito ay mangyayari na ang mga naninirahan sa Sion ay [a]maghuhukom sa lahat ng bagay na nauukol sa Sion.
39 At ang mga sinungaling at mapagkunwari ay susubukin nila, at sila na hindi mga [a]apostol at propeta ay ibubunyag.
40 At maging ang [a]obispo, na isang [b]hukom, at ang kanyang mga tagapayo, kung sila ay hindi matapat sa kanilang [c]pangangasiwaan ay parurusahan, at magtatalaga ng [d]iba na kapalit nila.
41 Sapagkat, masdan, sinasabi ko sa inyo na ang [a]Sion ay mananagana, at ang [b]kaluwalhatian ng Panginoon ay mapapasakanya;

30*a* D at T 63:48.
31*a* Mar. 13:31; 2 Ne. 31:15; D at T 1:37–38.
*b* D at T 76:3.
33*a* Gal. 6:9.
*b* D at T 123:16.
34*a* Mi. 6:8.
*b* Deut. 32:46; Jos. 22:5; Morm. 9:27. GBK Puso.
*c* Is. 1:19. GBK Pagsunod, Masunurin, Sumunod.
35*a* GBK Paghihimagsik.
*b* D at T 41:5; 50:8–9; 56:3. GBK Pagtitiwalag.
36*a* Deut. 33:16–17.
38*a* Is. 2:3–4; D at T 133:21.
39*a* Apoc. 2:2. GBK Apostol.
40*a* GBK Obispo.
*b* D at T 58:17; 107:72–74.
*c* GBK Katiwala, Ipinagkatiwala.
*d* D at T 107:99–100.
41*a* GBK Sion.
*b* D at T 45:67; 84:4–5; 97:15–20. GBK Kaluwalhatian.

42 At siya ang magiging [a]sagi-
sag sa mga tao, at may paroro-
on sa kanya na buhat sa bawat
bansa sa silong ng langit.
43 At darating ang araw na ang
mga bansa sa mundo ay [a]ma-
yayanig dahil sa kanya, at ma-
ngatatakot dahil sa kanyang
mga bansang kakila-kilabot.
Ang Panginoon ang nangusap
nito. Amen.

## BAHAGI 65

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Hiram, Ohio, Oktubre 1831 (*History of the Church, *1:218). Tinukoy ng Propeta ang paghahayag na ito bilang isang panalangin.*

*1–2, Ang mga susi ng kaharian ng Diyos ay ipinagkatiwala sa tao sa mundo, at ang layunin ng ebanghelyo ay magwawagi; 3–6, Ang pangmilenyong kaharian ng langit ay paparito at makikiisa sa kaharian ng Diyos sa lupa.*

MAKINIG, at narito, ang
isang tinig na isinugo rito
mula sa kaitaasan, na malakas
at makapangyarihan, na umaa-
bot hanggang sa mga dulo ng
mundo, oo, na ang tinig ay su-
masa tao—[a]Ihanda ninyo ang
daan ng Panginoon, tuwirin ang
kanyang landas.
2 Ang mga [a]susi ng [b]kaharian
ng Diyos ay ipinagkatiwala sa
tao sa mundo, at mula rito ang
ebanghelyo ay lalaganap hang-
gang sa mga dulo ng mundo,
gaya ng [c]batong tinibag mula sa
bundok, hindi ng mga kamay
ay lalaganap, hanggang sa [d]ma-
puno nito ang buong mundo.
3 Oo, isang tinig na sumisi-
gaw—Ihanda ninyo ang daan
ng Panginoon, ihanda ninyo ang
[a]hapunan ng Kordero, maghan-
da para sa [b]Lalaking kasintahan.
4 Manalangin sa Panginoon,
manawagan sa kanyang banal
na pangalan, ipaalam ang kan-
yang mga kamangha-manghang
gawa sa mga tao.
5 Manawagan sa Panginoon,
upang ang kanyang kaharian ay
lumaganap sa mundo, upang
ang mga naninirahan dito ay
matanggap ito, at maging handa
para sa mga araw na darating,
na kung kailan ang Anak ng Tao
ay [a]bababa mula sa langit, [b]na-
daramitan ng liwanag ng kan-
yang [c]kaluwalhatian, upang sa-
lubungin ang [d]kaharian ng Diyos
na itinatag sa mundo.

42*a* GBK Sagisag.
43*a* Is. 60:14; D at T 97:19–20.
**65** 1*a* Is. 40:3; Mat. 3:3; Juan 1:23.
2*a* Mat. 16:19; D at T 42:69. GBK Susi ng Pagkasaserdote, Mga.
*b* D at T 90:1–5.
*c* Dan. 2:34–45.
*d* Awit 72:19. GBK Daniel—Ang aklat ni Daniel; Huling Araw, Mga.
3*a* Mat. 22:1–14; Apoc. 19:9; D at T 58:11.
*b* GBK Kasintahang Lalaki.
5*a* Mat. 24:30.
*b* Awit 93:1.
*c* GBK Kaluwalhatian.
*d* Dan. 2:44.

6 Dahil dito, nawa ang [a]kaharian ng Diyos ay lumaganap, upang ang [b]kaharian ng langit ay dumating, upang kayo, O Diyos, ay luwalhatiin sa langit gayundin sa lupa, upang ang inyong mga kaaway ay malupig; sapagkat sa [c]inyo ang karangalan, kapangyarihan at kaluwalhatian, magpakailanman at walang katapusan. Amen.

## BAHAGI 66

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Orange, Ohio, ika-25 ng Oktubre 1831 (*History of the Church, *1:219–221). Ito ang unang araw ng isang mahalagang pagpupulong. Bilang pambungad sa paghahayag na ito, isinulat ng Propeta, "Sa kahilingan ni William E. McLellin, ako ay nagtanong sa Panginoon, at natanggap ang mga sumusunod" (*History of the Church, *1:220).*

*1–4, Ang walang hanggang tipan ang kabuuan ng ebanghelyo; 5–8, Ang mga elder ay mangangaral, magpapatotoo, at magpapaliwanag sa mga tao; 9–13, Ang matapat na paglilingkod sa ministeryo ay tumitiyak sa mana na buhay na walang hanggan.*

MASDAN, ganito ang wika ng Panginoon sa aking tagapaglingkod na si William E. McLellin—Pinagpala ka, yayamang tinalikuran mo ang iyong mga kasalanan, at tinanggap ang aking mga katotohanan, wika ng Panginoon mong Manunubos, ang Tagapagligtas ng sanlibutan, maging kasindami ng [a]maniniwala sa aking pangalan.

2 Katotohanang sinasabi ko sa iyo, pinagpala ka sa pagtanggap mo sa aking [a]walang hanggang tipan, maging ang kabuuan ng aking ebanghelyo, na ipinadala sa mga anak ng tao, upang sila ay magkaroon ng [b]buhay at gawing kabahagi ng mga kaluwalhatiang ipahahayag sa mga huling araw, gaya ng isinulat ng mga propeta at apostol noong unang panahon.

3 Katotohanang sinasabi ko sa iyo, aking tagapaglingkod na William, na ikaw ay malinis, subalit hindi lahat; magsisi, samakatwid, sa yaong mga bagay na hindi kalugud-lugod sa aking paningin, wika ng Panginoon, sapagkat [a]ipakikita ng Panginoon ang mga yaon sa iyo.

4 At ngayon, katotohanan, ako, ang Panginoon, ay ipakikita sa iyo kung ano ang aking niloloob hinggil sa iyo, o kung ano ang aking kalooban hinggil sa iyo.

5 Masdan, katotohanang sina-

6*a* GBK Kaharian ng Diyos o Kaharian ng Langit.
*b* Apoc. 11:15.
*c* 1 Cron. 29:11; Mat. 6:13.
**66** 1*a* Juan 1:12. GBK Paniniwala, Maniwala.
2*a* GBK Bago at Walang Hanggang Tipan.
*b* Juan 10:10; 3 Ne. 5:13.
3*a* Jac. 4:7; Eter 12:27.

sabi ko sa iyo, na ito ang aking
kalooban na nararapat mong
[a]ipahayag ang aking ebanghel-
yo nang lupain sa lupain, at
nang lunsod sa lunsod, oo, sa
yaong mga dako sa paligid na
kung saan ito ay hindi pa nai-
pahahayag.
6 Huwag manatili nang mara-
ming araw sa lugar na ito; hu-
wag munang magtungo sa lu-
pain ng Sion; subalit yayamang
ikaw ay maaaring magpada-
la, magpadala; maliban dito,
huwag isipin ang iyong mga
ari-arian.
7 [a]Magtungo sa mga lupain sa
silangan, [b]magpatotoo sa bawat
lugar, sa bawat tao at sa kani-
lang mga sinagoga, nagpapali-
wanag sa mga tao.
8 Ang aking tagapaglingkod
na si Samuel H. Smith ay sasa-
ma sa iyo, at huwag mo siyang
iiwan, at ibigay sa kanya ang
iyong mga tagubilin; at siya na
matapat ay [a]palalakasin sa ba-
wat lugar; at ako, ang Pangino-
on, ay sasama sa inyo.
9 Ipatong ang iyong mga [a]ka-
may sa mga maysakit, at sila
ay [b]gagaling. Huwag babalik,
hanggang sa ako, ang Pangino-
on, ay magpabalik sa inyo. Ma-
ging matiisin sa pagdurusa.
[c]Magsihingi, at kayo ay maka-
tatanggap; magsikatok, at kayo
ay pagbubuksan.
10 Huwag maghangad na man-
ligalig. Talikdan ang lahat ng
kasamaan. Huwag [a]makiapid—
isang tukso na kung saan ikaw
ay binagabag.
11 [a]Tuparin ang mga kasabi-
hang ito, sapagkat ang mga ito
ay tunay at tapat; at gampanan
mo ang iyong tungkulin, at isu-
long ang maraming tao sa [b]Sion
nang may mga [c]awit nang wa-
lang hanggang kagalakan sa
kanilang mga ulo.
12 [a]Magpatuloy sa mga bagay
na ito maging hanggang sa wa-
kas, at ikaw ay magkakaroon
ng [b]putong ng buhay na walang
hanggan sa kanang kamay ng
aking Ama, na puspos ng biya-
ya at katotohanan.
13 Katotohanan, ganito ang
wika ng Panginoon ninyong
[a]Diyos, ang inyong Manunubos,
maging si Jesucristo. Amen.

## BAHAGI 67

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Hiram, Ohio, Nobyembre 1831 (*History of the Church, *1:224–225). Ang pagkakataon ay ukol sa isang natatanging pagpupulong, at*

5*a* Mar. 16:15.
7*a* D at T 75:6.
*b* GBK Patotoo.
8*a* D at T 52:17; 133:58.
9*a* GBK Pangangasiwa sa Maysakit; Kamay, Pagpapatong ng mga.
*b* Mat. 9:18. GBK Pinagaling, Pagpapagaling.
*c* Sant. 1:5.
10*a* GBK Pakikiapid.
11*a* D at T 35:24.
*b* D at T 11:6.
*c* Is. 35:10; D at T 45:71. GBK Awitin.
12*a* 2 Tim. 3:14–15; 2 Ne. 31:20.
*b* Is. 62:3; Mat. 25:21; 1 Ped. 5:4.
13*a* GBK Diyos, Panguluhang Diyos—Diyos Anak.

*ang paglalathala ng mga paghahayag na natanggap na mula sa Panginoon sa pamamagitan ng Propeta ay isinaalang-alang (tingnan sa ulo ng bahagi 1). Napagpasiyahan na dalhin nina Oliver Cowdery at John Whitmer ang mga manuskrito ng mga paghahayag sa Independence, na kung saan si W. W. Phelps ay maglalathala ng mga yaon bilang Aklat ng mga Kautusan. Marami sa kalalakihan ang nagbigay ng mataimtim na patotoo na ang mga paghahayag na noon ay tinipon para sa paglalathala ay tunay ngang totoo, gaya ng pinatotohanan ng Espiritu Santo sa kanila. Itinala ng Propeta na pagkatapos matanggap ang paghahayag na nakikilala bilang bahagi 1, nagkaroon ng ilang hindi magandang usap-usapan hinggil sa wikang ginamit sa mga paghahayag. Ang paghahayag na ito ang sumunod.*

*1–3, Naririnig ng Panginoon ang mga panalangin at sumusubaybay sa kanyang mga elder; 4–9, Kanyang hinahamon ang pinakamarunong na tao na gayahin ang pinakamaliit sa kanyang mga paghahayag; 10–14, Ang matatapat na elder ay pasisiglahin ng Espiritu at makikita ang mukha ng Diyos.*

MASDAN at makinig, O kayong mga [a]elder ng aking simbahan, na magkakasamang tinipon ang inyong sarili, na kung kaninong mga panalangin ay aking narinig, at kung kaninong mga puso ay aking nakikilala, at kung kaninong mga hangarin ay nakarating sa harapan ko.

2 Masdan at narito, ang aking mga [a]mata ay nasa inyo, at ang kalangitan at ang lupa ay nasa aking mga kamay, at ang yaman ng kawalang-hanggan ay akin upang ibigay.

3 Kayo ay nagsumikap na maniwala na matatanggap ninyo ang pagpapala na inihandog sa inyo; subalit masdan, katotohanang sinasabi ko sa inyo na may [a]takot sa inyong mga puso, at katotohanang ito ang dahilan kung bakit kayo ay hindi nakatanggap.

4 At ngayon ako, ang Panginoon, ay nagbibigay sa inyo ng isang [a]patotoo sa katotohanan ng mga kautusang ito na nakalatag sa harapan ninyo.

5 Ang inyong mga mata ay nakatuon sa aking tagapaglingkod na si Joseph Smith, Jun., at ang kanyang [a]wika ay inyong nalalaman, at ang kanyang mga pagkakamali ay inyong nalalaman; at inyong hinangad sa inyong mga puso ang kaalaman upang makapagpahayag kayo nang mas higit kaysa sa kanyang wika; ito ay batid din ninyo.

6 Ngayon, hanapin ninyo mula sa Aklat ng mga Kautusan, maging ang pinakamaliit na nasa mga ito, at italaga siya na [a]pinakamarunong sa inyo;

**67** 1*a* GBK Elder.
2*a* Awit 34:15.
3*a* GBK Takot.
4*a* GBK Patotoo; Katotohanan.
5*a* D at T 1:24.
6*a* 2 Ne. 9:28–29, 42.

7 O, kung mayroon sa inyo na
makagagawa ng isang tulad nito,
sa gayon kayo ay may katwiran
sa pagsasabing hindi ninyo alam
na ang mga yaon ay totoo;
8 Subalit kung hindi kayo ma-
kagagawa ng isang katulad nito,
kayo ay nasa ilalim ng sumpa
kung hindi kayo [a]magpapatotoo
na ang mga ito ay totoo.
9 Sapagkat nalalaman ninyo
na walang kasamaan sa mga
yaon, at yaong [a]mabuti ay nang-
gagaling sa itaas, mula sa Ama
ng mga [b]liwanag.
10 At muli, katotohanang sina-
sabi ko sa inyo na ito ay inyong
pribilehiyo, at isang pangako
ang aking ibinibigay sa inyo na
inorden sa ministeryong ito, na
yayamang sinisikap ninyong
alisan ang inyong sarili ng mga
[a]inggit at [b]takot, at [c]nagpapa-
kumbaba ng inyong sarili sa
harapan ko, sapagkat kayo ay
hindi ganap na mapagpakum-
baba, ang [d]tabing ay mapupunit
at inyo akong [e]makikita at ma-
kikilala na ako nga—hindi ng
makamundo ni ng likas na pag-
iisip, kundi ng espirituwal.
11 Sapagkat walang [a]tao, sa
laman, ang nakakita sa Diyos
kailanman, maliban sa siya ay
pinasigla ng Espiritu ng Diyos.
12 Ni ang sinumang [a]likas na
tao ang makatatagal sa harapan
ng Diyos, ni ang makamundong
pag-iisip.
13 Hindi ninyo matatagalan
ang pagharap sa Diyos ngayon,
ni ang mga paglilingkod ng mga
anghel; dahil dito, magpatuloy
sa [a]pagtitiyaga hanggang sa kayo
ay maging [b]ganap.
14 Huwag ibaling ang in-
yong isipan; at kapag kayo ay
[a]karapat-dapat, sa aking sari-
ling takdang panahon, inyong
makikita at malalaman ang ya-
ong ipinagkaloob sa inyo sa pa-
mamagitan ng mga kamay ng
aking tagapaglingkod na si
Joseph Smith, Jun. Amen.

## BAHAGI 68

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Hiram, Ohio, Nobyembre 1831, sa pakiusap nina Orson Hyde, Luke S. Johnson, Lyman E. Johnson, at William E. McLellin (*History of the Church, *1:227–229). Kahit na ang paghahayag na ito ay ibinigay bilang tugon sa pagsusumamo na ang kaisipan ng Panginoon ay ipaalam hing-*

8*a* GBK Saksi.
9*a* Moro. 7:15–18.
*b* Sant. 1:17; D at T 50:24; 84:45; 88:49.
10*a* GBK Paninibugho, Naninibugho.
*b* GBK Takot.
*c* GBK Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba.
*d* GBK Tabing.
*e* D at T 88:68; 93:1; 97:16.
11*a* PJS, Ex. 33:20, 23; Juan 1:18; 6:46; PJS, 1 Juan 4:12; D at T 84:19–22; Moi. 1:11, 14.
12*a* Mos. 3:19. GBK Likas na Tao.
13*a* Rom. 2:7. GBK Tiyaga.
*b* Mat. 5:48; 3 Ne. 12:48.
14*a* GBK Karapat-dapat, Pagiging Karapat-dapat.

*gil sa mga nabanggit na elder, marami sa mga nilalaman ang tumutukoy sa buong Simbahan.*

*1–5, Ang mga salita ng mga elder kapag pinakikilos ng Espiritu Santo ay banal na kasulatan; 6–12, Ang mga elder ay mangangaral at magbibinyag, at mga tanda ay susunod sa mga tunay na naniniwala; 13–24, Ang panganay sa mga anak na lalaki ni Aaron ay maaaring maglingkod bilang Namumunong Obispo (iyon ay, hawakan ang mga susi ng panguluhan bilang isang obispo) sa ilalim ng tagubilin ng Unang Panguluhan; 25–28, Ang mga magulang ay inutusang ituro ang ebanghelyo sa kanilang mga anak; 29–35, Ang mga Banal ay kailangang sundin ang Sabbath, masikap na gumawa, at manalangin.*

ANG aking tagapaglingkod,
si Orson Hyde, ay tinawag
sa pamamagitan ng kanyang
ordinasyon na ipahayag ang
walang hanggang ebanghelyo,
sa pamamagitan ng [a]Espiritu
ng buhay na Diyos, nang tao sa
tao, at nang lupain sa lupain, sa
mga kongregasyon ng masasama,
sa kanilang mga sinagoga,
tinatalakay at ipinaliliwanag
ang lahat ng banal na kasulatan
sa kanila.
2 At, masdan, at narito, ito ay
isang halimbawa sa lahat ng
yaong naorden sa pagkasaserdoteng
ito, kung kaninong misyon
ay itinakda sa kanila na
humayo—
3 At ito ang halimbawa sa kanila,
na sila ay [a]mangungusap
habang sila ay pinakikilos ng
Espiritu Santo.
4 At anuman ang kanilang sasabihin
kapag pinakikilos ng
[a]Espiritu Santo ay magiging mga
banal na kasulatan, ang magiging
kalooban ng Panginoon,
ang magiging kaisipan ng Panginoon,
ang magiging salita ng
Panginoon, ang magiging tinig
ng Panginoon, at ang [b]kapangyarihan
ng Diyos tungo sa kaligtasan.
5 Masdan, ito ang pangako ng
Panginoon sa inyo, O kayo na
aking mga tagapaglingkod.
6 Kaya nga, magalak, at huwag
[a]matakot, sapagkat ako ang Panginoon
ay kasama ninyo, at
tatayo sa tabi ninyo; at magpapatotoo
kayo sa akin, maging si
Jesucristo, na ako ang Anak ng
buhay na Diyos, na ako ang
noon, na ako ang ngayon, at na
ako ay paparito.
7 Ito ang salita ng Panginoon
sa iyo, aking tagapaglingkod na
[a]Orson Hyde, at gayon din sa
aking tagapaglingkod na si Luke
Johnson, at sa aking tagapaglingkod
na si Lyman Johnson, at
sa aking tagapaglingkod na si
William E. McLellin, at sa lahat
ng matapat na elder ng aking
simbahan—
8 [a]Humayo kayo sa buong san-

**68** 1*a* GBK Espiritu Santo.
3*a* 2 Ped. 1:21; D at T 18:32; 42:16; 100:5.
4*a* GBK Espiritu Santo; Paghahayag.
*b* Rom. 1:16.
6*a* Is. 41:10.
7*a* GBK Hyde, Orson.
8*a* D at T 1:2; 63:37.

libutan, [b]ipangaral ang ebang-
helyo sa lahat ng [c]kinapal, gu-
maganap sa [d]karapatan na aking
ibinigay sa inyo, [e]nagbibinyag
sa pangalan ng Ama, at ng
Anak, at ng Espiritu Santo.
9 At [a]siya na naniniwala at na-
binyagan ay [b]maliligtas, at siya
na hindi naniniwala ay [c]mapa-
pahamak.
10 At siya na naniniwala ay
pagpapalain ng mga kalakip
na [a]tanda, maging tulad ng na-
susulat.
11 At sa inyo ay ipagkakaloob
na malaman ang mga [a]tanda ng
panahon, at ang mga tanda ng
pagparito ng Anak ng Tao;
12 At kasindami ng patototo-
hanan ng Ama, sa inyo ay ipag-
kakaloob ang kapangyarihang
[a]ibuklod ang mga ito hanggang
sa buhay na walang hanggan.
Amen.
13 At ngayon, hinggil sa mga
bagay na karagdagan sa mga
tipan at kautusan, ito ang mga
yaon—
14 May matitira pagkaraan nito,
sa takdang panahon ng Pa-
nginoon, na ibang mga [a]obispo
na itatalaga sa simbahan, upang
mangasiwa maging alinsunod
sa una;
15 Kaya nga sila ay magiging
[a]matataas na saserdote na mga
karapat-dapat, at sila ay itata-
laga ng [b]Unang Panguluhan ng
Pagkasaserdoteng Melquisedec,
maliban sa sila ay mga literal
na inapo ni [c]Aaron.
16 At kung sila ay mga literal
na inapo ni [a]Aaron sila ay may
legal na karapatan sa obispado,
kung sila ay mga panganay sa
mga anak na lalaki ni Aaron;
17 Sapagkat ang mga panga-
nay ang may karapatan sa pa-
nguluhan ng pagkasaserdoteng
ito, at ang mga [a]susi o karapa-
tan nito.
18 Walang sinumang tao ang
may legal na karapatan sa ka-
tungkulang ito, na hawakan ang
mga susi ng pagkasaserdoteng
ito, maliban sa siya ay [a]literal
na inapo at ang panganay ni
Aaron.
19 Subalit, bilang [a]mataas na
saserdote ng Pagkasaserdoteng
Melquisedec ay may kapang-
yarihang gampanan ang lahat
ng nakabababang katungkulan
maaari niyang gampanan ang
katungkulan ng [b]obispo kung
walang literal na inapo ni Aaron
ang matatagpuan, kung siya
ay tinawag at itinalaga at

8*b* GBK Gawaing Pangmisyonero; Mangaral.
*c* Mar. 16:15.
*d* GBK Karapatan.
*e* GBK Pagbibinyag, Binyagan.
9*a* Mar. 16:16; D at T 20:25.
*b* GBK Kaligtasan.
*c* GBK Kapahamakan.
10*a* GBK Palatandaan.
11*a* GBK Palatandaan ng Panahon, Mga.
12*a* D at T 1:8; 132:49. GBK Buklod, Pagbubuklod.
14*a* GBK Obispo.
15*a* D at T 72:1.
*b* GBK Unang Panguluhan.
*c* GBK Aaron—Kapatid ni Moises.
16*a* D at T 107:15–17. GBK Pagkasaserdoteng Aaron.
17*a* GBK Susi ng Pagkasaserdote, Mga.
18*a* Ex. 40:12–15; D at T 84:18; 107:13–16, 70–76.
19*a* GBK Mataas na Saserdote.
*b* GBK Obispo.

inordenan sa kapangyarihang ito, sa ilalim ng mga kamay ng Unang Panguluhan ng Pagkasaserdoteng Melquisedec.
20 At ang literal na inapo ni Aaron, din, ay kailangang tawagin ng Panguluhang ito, at natagpuang karapat-dapat, at [a]hinirang, at [b]inordenan sa ilalim ng mga kamay ng Panguluhang ito, kung hindi sila ay hindi legal na may karapatan na gumanap sa kanilang pagkasaserdote.
21 Subalit, sa bisa ng batas hinggil sa kanilang karapatan sa pagkasaserdote magmula sa ama hanggang sa anak na lalaki, maaari nilang maangkin ang pagkakahirang sa kanila kung sa anumang oras ay mapatutunayan nila ang kanilang angkan, o matitiyak ito sa pamamagitan ng paghahayag mula sa Panginoon sa ilalim ng mga kamay ng mga nabanggit na Panguluhan.
22 At muli, walang obispo o mataas na saserdote na itatalaga sa ministeryong ito ang lilitisin o uusigin sa anumang krimen, maliban sa ito ay sa harapan ng [a]Unang Panguluhan ng simbahan;
23 At yayamang siya ay natagpuang may kasalanan sa harapan ng Panguluhang ito, sa pamamagitan ng patotoo na hindi mapabubulaanan, siya ay parurusahan;
24 At kung siya ay magsisisi siya ay [a]patatawarin, alinsunod sa mga tipan at kautusan ng simbahan.
25 At muli, yayamang ang mga [a]magulang ay may mga anak sa Sion, o sa alinman sa kanyang mga [b]istaka na naitatag, na hindi [c]nagtuturo sa kanila na maunawaan ang doktrina ng pagsisisi, pananampalataya kay Cristo ang Anak ng buhay na Diyos, at ng pagbibinyag at ang kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, pagsapit ng [d]walong taong gulang, ang [e]kasalanan ay nasa ulo ng mga magulang.
26 Sapagkat ito ay magiging batas sa mga naninirahan sa [a]Sion, o sa alinman sa kanyang mga istaka na naitatag.
27 At ang kanilang mga anak ay [a]bibinyagan para sa [b]kapatawaran ng kanilang mga kasalanan pagsapit ng [c]walong taong gulang, at tatanggapin ang pagpapatong ng kamay.
28 At tuturuan din nila ang kanilang mga anak na [a]manalangin, at magsilakad nang matwid sa harapan ng Panginoon.
29 At ang mga naninirahan sa Sion ay susundin din ang araw

20*a* GBK Pagpapahid ng Langis.
*b* GBK Ordenan, Pag-oorden.
22*a* GBK Unang Panguluhan.
24*a* GBK Magpatawad.
25*a* GBK Mag-anak—Mga tungkulin ng mga magulang.
*b* GBK Istaka.
*c* GBK Turuan, Guro.
*d* D at T 18:42; 20:71.
*e* Jac. 1:19; D at T 29:46–48.
26*a* GBK Sion.
27*a* GBK Pagbibinyag, Binyagan.
*b* GBK Kapatawaran ng mga Kasalanan.
*c* GBK Mananagot, Pananagutan, May Pananagutan.
28*a* GBK Panalangin.

ng [a]Sabbath upang panatilihin itong banal.
30 At ang mga naninirahan sa Sion ay aalalahanin din ang kanilang mga gawain, yayamang sila ay itinalagang gumawa, nang buong katapatan; sapagkat ang mga tamad ay naaalala ng Panginoon.
31 Ngayon, ako, ang Panginoon, ay hindi lubos na nalulugod sa mga naninirahan sa Sion, sapagkat may mga [a]tamad sa kanila; at ang kanilang mga anak ay lumalaki rin sa [b]kasamaan; hindi rin nila [c]hinahanap nang may pagsusumigasig ang mga yaman ng kawalang-hanggan, sa halip ang kanilang mga mata ay puno ng kasakiman.
32 Ang mga bagay na ito ay hindi nararapat, at kinakailangang mahinto mula sa kanila; kaya nga, ang aking tagapaglingkod na si Oliver Cowdery ay dadalhin ang mga salitang ito sa lupain ng Sion.
33 At isang kautusan ang ibinibigay ko sa kanila—na siya na hindi tumutupad sa kanyang mga [a]panalangin sa harapan ng Panginoon sa panahong yaon, siya ay pananatilihin sa [b]alaala sa harapan ng hukom ng aking mga tao.
34 Ang mga [a]salitang ito ay tunay at tapat; kaya nga, huwag labagin ang mga ito, ni [b]magbabawas mula rito.
35 Masdan, ako ang [a]Alpha at Omega, at ako ay madaling [b]paparito. Amen.

## BAHAGI 69

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Hiram, Ohio, Nobyembre 1831 (*History of the Church, *1:234–235). Ang pagkakatipon ng mga paghahayag na hinahangad sa maagang paglalathala ay ipinasa sa natatanging pagpupulong noong ika-1 ng Nobyembre. Noong ika-3 ng Nobyembre, ang paghahayag na makikita rito bilang bahagi 133 ay idinagdag at tinawag na Apendise. Bilang kapasiyahan sa pagpupulong, si Oliver Cowdery ay itinalaga upang dalhin ang manuskrito ng mga tinipong paghahayag at kautusan sa Independence, Missouri, para sa paglilimbag. Siya rin ay kailangang magdala ng mga salapi na pinag-ambagan para sa pagpapatayo ng Simbahan sa Missouri. Sapagkat ang pagdaraanan ng paglalakbay ay maghahatid sa kanya sa isang bayan na may kakaunting naninirahan hanggang sa hangganan, isang kasama sa paglalakbay ay kanais-nais.*

29*a* D at T 59:9–12. GBK Araw ng Sabbath.
31*a* GBK Tamad, Katamaran.
*b* GBK Masama, Kasamaan.
*c* D at T 6:7.
33*a* GBK Panalangin.
*b* GBK Parusa, Pagpaparusa; Hatol, Paghatol.
34*a* Apoc. 22:6.
*b* D at T 20:35; 93:24–25.
35*a* GBK Alpha at Omega.
*b* D at T 1:12.

*1–2, Si John Whitmer ang sasama kay Oliver Cowdery sa Missouri; 3–8, Siya rin ay mangangaral at magtitipon, magtatala, at susulat ng makasaysayang pangyayari.*

MAKINIG sa akin, wika ng Panginoon ninyong Diyos, para sa kapakanan ng aking tagapaglingkod na si [a]Oliver Cowdery. Hindi karunungan sa akin na siya ay pagkatiwalaan sa mga kautusan at mga salapi na kanyang dadalhin sa lupain ng Sion, maliban sa may isa na sasama sa kanya na tunay at tapat.
2 Kaya nga, ako, ang Panginoon, ay niloob na ang aking tagapaglingkod, si [a]John Whitmer, ay dapat sumama sa aking tagapaglingkod na si Oliver Cowdery;
3 At gayon din na siya ay magpatuloy sa pagsulat at paggawa ng [a]kasaysayan ng lahat ng mahalagang bagay na kanyang mapapansin at malalaman hinggil sa aking simbahan;
4 At gayon din na siya ay tanggap ng [a]payo at tulong mula sa aking tagapaglingkod na si Oliver Cowdery at sa iba pa.
5 At gayon din, ang aking mga tagapaglingkod na nasa ibang bansa sa mundo ay dapat magpadala ng mga ulat ng kanilang mga [a]pangangasiwa sa lupain ng Sion;
6 Sapagkat ang lupain ng Sion ay magiging isang luklukan at lugar na tanggapan at gagawan ng lahat ng bagay na ito.
7 Gayunman, ang aking tagapaglingkod na si John Whitmer ay maglalakbay nang maraming ulit sa bawat lugar, at sa bawat simbahan, upang siya ay lalong madaling makatamo ng kaalaman—
8 Nangangaral at nagpapaliwanag, nagsusulat, nagsisipi, pumipili, at kumukuha ng lahat ng bagay na para sa ikabubuti ng simbahan, at para sa bumabangong salinlahi sa lupain ng [a]Sion, upang ariin ito ng sali't salinlahi, magpakailanman at walang katapusan. Amen.

## BAHAGI 70

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Kirtland, Ohio, ika-12 ng Nobyembre 1831 (*History of the Church, *1:235–237). Ang kasaysayang isinulat ng Propeta ay nagsasabing apat na natatanging pagpupulong ang ginanap mula ika-1 hanggang ika-12 ng Nobyembre, magkakasunod. Sa katapusan ng mga pagtitipong ito, ang malaking kahalagahan ng Aklat ng mga Kautusan, sa dakong huli ay tinawag na Doktrina at mga Tipan, ay isinaalang-alang; at tinukoy ito ng Propeta bilang "ang saligan ng Simbahan sa mga huling araw na*

**69** 1*a* GBK Cowdery, Oliver.
2*a* GBK Whitmer, John.
3*a* D at T 47:1–3; 85:1.
4*a* GBK Payo.
5*a* GBK Katiwala, Ipinagkatiwala.
8*a* GBK Sion.

*ito, at isang kapakinabangan sa sanlibutan, ipinakikita na ang mga susi ng mga hiwaga ng kaharian ng ating Tagapagligtas ay muling ipinagkatiwala sa tao" (*History of the Church, *1:235).*

*1–5, Mga katiwala ay itinalaga upang ilathala ang mga paghahayag; 6–13, Yaong mga nagpapagal sa mga espirituwal na bagay ay karapat-dapat sa kanilang upa; 14–18, Ang mga Banal ay dapat na pantay-pantay sa mga temporal na bagay.*

MASDAN, at makinig, O kayong mga naninirahan sa Sion, at lahat kayong mga tao ng aking simbahan na nasa malayo, at pakinggan ang salita ng Panginoon na aking ibinibigay sa aking tagapaglingkod na si Joseph Smith, Jun., at gayon din sa aking tagapaglingkod na si Martin Harris, at gayon din sa aking tagapaglingkod na si Oliver Cowdery, at gayon din sa aking tagapaglingkod na si John Whitmer, at gayon din sa aking tagapaglingkod na si Sidney Rigdon, at gayon din sa aking tagapaglingkod na si William W. Phelps, sa pamamaraan ng kautusan sa kanila.
2 Sapagkat binibigyan ko sila ng isang kautusan; kaya nga makinig at pakinggan, sapagkat ganito ang wika ng Panginoon sa kanila—
3 Ako, ang Panginoon, ay itinalaga sila, at inordenan sila na maging mga [a]katiwala sa mga paghahayag at kautusan, na aking ibinigay sa kanila, at yaong aking ibibigay pa pagkaraan nito sa kanila;
4 At ang ulat ng pangangasiwang ito ay aking hihingin sa kanila sa araw ng paghuhukom.
5 Kaya nga, nagtalaga ako sa kanila, at ito ang kanilang tungkulin sa simbahan ng Diyos, na pamahalaan ang mga ito at ang mga nauukol dito, oo, ang mga kapakinabangan mula rito.
6 Kaya nga, isang kautusan ang ibinibigay ko sa kanila, na hindi nila ibibigay ang mga bagay na ito sa simbahan, ni sa sanlibutan;
7 Gayunman, yayamang sila ay tumatanggap nang higit sa kinakailangan para sa kanilang mga pangangailangan at kanilang mga kakulangan, ito ay ibibigay sa aking [a]kamalig;
8 At ang mga kapakinabangan ay ilalaan sa mga naninirahan sa Sion, at sa kanilang mga salinlahi, yayamang sila ay magiging [a]tagapagmana alinsunod sa mga batas ng kaharian.
9 Masdan, ito ang hinihingi ng Panginoon sa lahat ng tao sa kanyang [a]pangangasiwa, maging ako, ang Panginoon, ay nagtalaga o magtatalaga pa pagkaraan nito sa sinumang tao.
10 At masdan, wala ni isa ang di-saklaw ng batas na ito na kabilang sa simbahan ng buhay na Diyos;

**70** 3*a* 1 Cor. 4:1; D at T 72:20.
7*a* D at T 72:9–10.
8*a* D at T 38:20.
9*a* GBK Katiwala, Ipinagkatiwala.

11 Oo, ni ang obispo, ni ang
[a]kinatawang nangangalaga sa
kamalig ng Panginoon, ni siya
na itinalaga sa pangangasiwa
sa mga bagay na temporal.
12 Siya na itinalagang mama-
hala sa mga espirituwal na ba-
gay, siya rin ay [a]karapat-dapat
sa kanyang upa, maging yaong
mga itinalaga sa pangangasiwa
upang mamahala sa mga bagay
na temporal;
13 Oo, maging higit na masa-
gana, kung aling kasaganahan
ay pinarami sa kanila sa pama-
magitan ng mga pagpapatunay
ng Espiritu.
14 Gayunman, sa inyong mga
temporal na bagay kayo ay ma-
giging [a]pantay-pantay, at ito ay
hindi nang laban sa kalooban,
kung hindi ang kasaganahan ng
mga pagpapatunay ng Espiritu
ay ipagkakait.
15 Ngayon, ang [a]kautusang ito
ay ibinibigay ko sa aking mga
tagapaglingkod para sa kani-
lang kapakinabangan saman-
talang sila ay nananatili, para
sa pagpapakita ng aking mga
pagpapala sa kanilang mga ulo,
at bilang gantimpala sa kanilang
[b]pagsusumigasig at para sa ka-
nilang kaligtasan;
16 Para sa pagkain at para sa
[a]pananamit; para sa mana; para
sa mga bahay at para sa mga
lupain, sa anumang kalagayan
ako, ang Panginoon, ay ilala-
gay sila, at saan man ako, ang
Panginoon, ay isusugo sila.
17 Sapagkat sila ay naging ma-
tapat sa [a]maraming bagay, at
gumawa ng mabuti yayamang
sila ay hindi nagkasala.
18 Masdan, ako, ang Pangino-
on, ay [a]maawain at pagpapalain
sila, at sila ay papasok sa kaga-
lakan ng mga bagay na ito. Ma-
ging gayon nga. Amen.

## BAHAGI 71

*Paghahayag na ibinigay kina Joseph Smith, ang Propeta, at Sidney Rigdon, sa Hiram, Ohio, ika-1 ng Disyembre 1831 (*History of the Church, *1:238–239). Ang Propeta ay nagpatuloy na magsalin ng Biblia na kasama si Sidney Rigdon bilang kanyang tagasulat hanggang sa ang paghahayag na ito ay natanggap, sa panahong ito ay pansamantalang isinaisantabi muna upang matupad nila ang tagubilin na ibinigay rito. Ang mga kapatid ay kailangang humayo upang mangaral nang sa gayon ay mabawasan ang hindi mabuting damdaming namumuo laban sa Simbahan bunga ng paglalathala ng ilang lathalain sa pahayagan ni Ezra Booth, na ganap na tumalikod sa kanyang relihiyon.*

*1–4, Sina Joseph Smith at Sidney Rigdon ay isinugo upang ipahayag ang ebanghelyo; 5–11, Ang mga kaaway ng mga Banal ay lilituhin.*

11*a* D at T 57:6.
12*a* Lu. 10:7.
14*a* D at T 49:20.
GBK Paglalaan,
Batas ng Paglalaan.
15*a* Deut. 10:12–13.
*b* GBK Kasigasigan.
16*a* D at T 59:16–20.
17*a* Mat. 25:21–23.
18*a* GBK Awa, Maawain.

MASDAN, ganito ang wika ng Panginoon sa inyo na aking mga tagapaglingkod na Joseph Smith, Jun., at [a]Sidney Rigdon, na ang oras ay katotohanang dumating na, na kinakailangan at nararapat sa akin na inyong buksan ang inyong mga bibig sa [b]pagpapahayag ng aking ebanghelyo, ang mga bagay tungkol sa kaharian, ipinaliliwanag ang mga [c]hiwaga nito mula sa mga banal na kasulatan, alinsunod sa bahaging iyon ng Espiritu at kapangyarihan na ibibigay sa inyo, maging tulad ng aking niloloob.

2 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, ipahayag sa sanlibutan sa mga lugar sa palibot, at sa simbahan din, sa loob ng isang panahon, maging hanggang sa ito ay ipaalam sa inyo.

3 Katotohanang ito ay misyon sa isang panahon, na aking ibinigay sa inyo.

4 Kaya nga, gumawa kayo sa aking ubasan. Manawagan sa mga naninirahan sa lupa, at magpatotoo, at ihanda ang daan para sa mga kautusan at paghahayag na darating.

5 Ngayon, masdan, ito ang karunungan; ang sinumang babasa, siya ay [a]umunawa at [b]tumanggap din;

6 Sapagkat sa kanya na tatanggap nito ay bibigyan ng higit pang [a]kasaganahan, maging kapangyarihan.

7 Kaya nga, [a]lituhin ang inyong mga kaaway; tawagin sila upang [b]harapin kayo maging sa madla at nang sarilinan; at yayamang kayo ay matapat ang kanilang kahihiyan ay ipakikita.

8 Kaya nga, sila ay magdala ng kanilang matitibay na dahilan laban sa Panginoon.

9 Katotohanan, yaon ang wika ng Panginoon sa inyo—walang [a]sandata na ginawa laban sa inyo ang mananaig;

10 At kung sinumang tao ang magtataas ng kanyang tinig laban sa inyo siya ay lilituhin sa aking sariling panahon.

11 Kaya nga, sundin ang aking mga kautusan; ang mga ito ay tunay at tapat. Maging gayon nga. Amen.

## BAHAGI 72

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Kirtland, Ohio, ika-4 ng Disyembre 1831 (*History of the Church, *1:239–241). Ilan sa mga elder at kasapi ang nagtipon upang malaman ang kanilang mga tungkulin at lalong maliwanagan sa mga turo ng Simbahan. Ang bahaging ito ay pinagsamang dalawang paghahayag na natanggap sa loob ng isang araw. Ipinaalam ng talata 1 hanggang 8 ang tungkulin ni Newel K. Whitney bilang isang obispo. Siya ay tinawag at*

**71** 1*a* GBK Rigdon, Sidney.
*b* GBK Gawaing Pangmisyonero.
*c* D at T 42:61, 65.
5*a* GBK Pagkaunawa.
*b* Alma 12:9–11.
6*a* Mat. 13:12.
7*a* Moi. 7:13–17.
*b* D at T 63:37; 68:8–9.
9*a* Is. 54:17.

*inordenan, pagkatapos ang talata 9 hanggang 26 ay tinanggap, nagbibigay ng karagdagang kaalaman tungkol sa mga tungkulin ng obispo.*

*1–8, Ang mga elder ay magbibigay-sulit tungkol sa kanilang pangangasiwa sa obispo; 9–15, Ang obispo ang mag-iingat ng kamalig at mangangalaga sa mga maralita at nangangailangan; 16–26, Ang mga obispo ay magpapatunay ng pagiging karapat-dapat ng mga elder.*

MAKINIG, at dinggin ang
tinig ng Panginoon, O ka-
yong magkakasamang nagtipon
ng inyong sarili, na [a]matataas na
saserdote ng aking simbahan,
na kung kanino ang [b]kaharian
at kapangyarihan ay ibinigay.
2 Sapagkat katotohanang ga-
nito ang wika ng Panginoon,
kinakailangan sa akin na mag-
talaga ng isang [a]obispo sa inyo,
o mula sa inyo, para sa simba-
han sa dakong ito ng ubasan ng
Panginoon.
3 At katotohanang ang bagay
na ito ay inyong nagawa nang
matalino, sapagkat hinihingi ng
Panginoon, sa mga kamay ng
bawat [a]katiwala, na [b]magbigay-
sulit sa kanilang [c]pangangasi-
wa, maging sa panahong ito at
sa kawalang-hanggan.
4 Ang siya na matapat at [a]ma-
talino sa panahong ito ay inaa-
ring karapat-dapat na magmana
ng mga [b]mansiyon na inihanda
para sa kanya ng aking Ama.
5 Katotohanang sinasabi ko sa
inyo, ang mga elder ng simba-
han sa dakong ito ng aking
[a]ubasan ay magbibigay-sulit
ng kanilang pangangasiwa sa
obispo, na itatalaga ko sa da-
kong ito ng aking ubasan.
6 Ang mga bagay na ito ay na-
rarapat na nakatala, na ibibi-
gay sa mga obispo ng Sion.
7 At ang tungkulin ng [a]obispo
ay ipababatid sa pamamagitan
ng mga kautusan na ibinigay,
at ng tinig ng kapulungan.
8 At ngayon, katotohanang
sinasabi ko sa inyo, ang aking
tagapaglingkod na si [a]Newel
K. Whitney ang siyang tao na
itatalaga at oordenan sa kapang-
yarihang ito. Ito ang kalooban
ng Panginoon ninyong Diyos,
ang inyong Manunubos. Ma-
ging gayon nga. Amen.
9 Ang salita ng Panginoon, bi-
lang karagdagan sa batas na
ibinigay, ipinababatid ang ka-
tungkulan ng obispo na siyang
inordenan sa simbahan sa da-
kong ito ng ubasan, na katoto-
hanang ito nga—
10 Upang mag-ingat ng [a]kama-
lig ng Panginoon; upang tu-
manggap ng mga laang gugu-

**72** 1*a* D at T 68:14–19.
*b* GBK Kaharian ng Diyos o Kaharian ng Langit.
2*a* GBK Obispo.
3*a* GBK Katiwala, Ipinagkatiwala.
*b* D at T 42:32; 104:11–13.
*c* Lu. 19:11–27.
4*a* Mat. 24:45–47.
*b* D at T 59:2.
5*a* GBK Ubasan ng Panginoon.
7*a* D at T 42:31; 46:27; 58:17–18; 107:87–88.
8*a* GBK Whitney, Newel K.
10*a* D at T 70:7–11; 78:3. GBK Kamalig.

gulin ng simbahan sa dakong ito ng ubasan.
11 At upang tanggapin ang ulat ng mga elder gaya ng ipinag-utos noon; at upang [a]maglingkod sa kanilang mga pangangailangan; na siyang magbabayad sa yaong kanilang matatanggap yayamang sila ay may ibabayad;
12 Nang ito rin ay mailaan para sa ikabubuti ng simbahan, para sa mga maralita at nangangailangan.
13 At siya na [a]walang ipambabayad, isang ulat ang kukunin at ibibigay sa obispo ng Sion, na siyang magbabayad ng pagkakautang mula sa yaong ilalagay sa kanyang kamay ng Panginoon.
14 Ang mga gawa ng matatapat na gumawa sa mga espirituwal na bagay, sa pangangasiwa ng ebanghelyo at mga bagay ng kaharian para sa simbahan, at para sa sanlibutan, ay tutugon sa pagkakautang sa obispo sa Sion;
15 Sa gayon lalabas ito mula sa simbahan, sapagkat alinsunod sa [a]batas ang lahat ng tao na paroroon sa Sion ay kailangang magbigay ng lahat ng bagay sa harapan ng obispo sa Sion.
16 At ngayon, katotohanang sinasabi ko sa inyo, yayamang ang bawat elder sa dakong ito ng ubasan ay kailangang magbigay-sulit ng kanyang pangangasiwa sa obispo sa dakong ito ng ubasan—
17 Isang [a]katibayan mula sa hukom o obispo sa dakong ito ng ubasan, at sa obispo ng Sion ay patunay sa bawat tao na karapat-dapat at tumutugon sa lahat ng bagay, para sa mana, at upang matanggap bilang isang matalinong [b]katiwala at bilang isang matapat na manggagawa;
18 Kung hindi siya ay hindi tatanggapin ng obispo ng Sion.
19 At ngayon, katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang bawat elder na magbibigay-sulit sa obispo ng simbahan sa dakong ito ng ubasan ay itatagubilin ng simbahan o mga simbahan, kung saan siya ay gumagawa, upang maisulit niya ang kanyang sarili at ang kanyang mga ulat na pinagtibay sa lahat ng bagay.
20 At muli, ang aking mga tagapaglingkod na itinalaga bilang mga katiwala sa mga bagay na hinggil sa [a]panitikan ng aking simbahan ay may karapatang humingi ng tulong sa obispo o mga obispo sa lahat ng bagay—
21 Upang ang mga [a]paghahayag ay mailathala, at maipadala hanggang sa mga dulo ng mundo; upang sila rin ay makakuha ng laang gugugulin na makatutulong sa simbahan sa lahat ng bagay;
22 Upang sila rin sa kanilang sarili ay maging karapat-dapat sa lahat ng bagay, at ituring na matatalinong katiwala.
23 At ngayon, masdan, ito ay

11*a* D at T 75:24.
13*a* GBK Maralita.
15*a* D at T 42:30–31. GBK Paglalaan, Batas ng Paglalaan.
17*a* D at T 20:64, 84.
*b* D at T 42:32.
20*a* D at T 70:3–5.
21*a* GBK Doktrina at mga Tipan.

magiging halimbawa para sa
lahat ng iba't ibang sangay ng
aking simbahan, saan mang lu-
pain ito maitatatag. At ngayon
ako ay nagtatapos ng aking
mga pananalita. Amen.
24 Ilang salita bilang karagda-
gan sa mga batas ng kaharian,
tungkol sa mga kasapi ng sim-
bahan—sila na [a]itinalaga sa
pamamagitan ng Banal na Es-
piritu na magtungo sa Sion, at
sila na may pagkakataong mag-
tungo sa Sion—
25 Sila ay magdadala sa obispo
ng isang katibayan mula sa tat-
long elder ng simbahan, o isang
katibayan mula sa obispo;
26 Kung hindi siya na magtu-
tungo sa lupain ng Sion ay hindi
tatanggapin bilang isang mata-
linong katiwala. Ito ay isa ring
halimbawa. Amen.

## BAHAGI 73

*Paghahayag na ibinigay kina Joseph Smith, ang Propeta, at Sidney Rigdon, sa Hiram, Ohio, ika-10 ng Enero 1832 (*History of the Church, *1:241–242). Mula noong unang bahagi ng nakaraang buwan ng Disyembre, ang Propeta at si Sidney ay naging abala sa pangangaral, at sa pamamagitan nito ay maraming nagawa upang mabawasan ang mga hindi magandang damdamin na lumitaw laban sa Simbahan (tingnan sa ulo ng bahagi 71).*

*1–2, Ang mga elder ay magpapatuloy sa pangangaral; 3–6, Sina Joseph Smith at Sidney Rigdon ay magpapatuloy sa pagsasalin ng Biblia hanggang sa ito ay matapos.*

SAPAGKAT katotohanan, ga-
nito ang wika ng Panginoon,
kinakailangan sa akin na [a]sila ay
nararapat magpatuloy sa pa-
ngangaral ng ebanghelyo, at sa
panghihimok sa mga simba-
hang nasa paligid, hanggang
sa sumapit ang pagpupulong;
2 At pagkatapos, masdan, ito
ay ipababatid sa kanila, sa pa-
mamagitan ng [a]tinig ng kapu-
lungan, ang kanilang iba't ibang
misyon.
3 Ngayon, katotohanang sina-
sabi ko sa inyo aking mga taga-
paglingkod, Joseph Smith, Jun.,
at Sidney Rigdon, sinabi ng
Panginoon, [a]kinakailangan na
[b]magsalin muli;
4 At, yayamang magagawa,
na mangaral sa mga dako sa
paligid hanggang sa pagpupu-
long; at pagkatapos niyon ay
kinakailangan na magpatuloy
sa pagsasalin hanggang sa ito
ay matapos.

---

24*a* gbk Tawag, Tinawag ng Diyos, Pagkakatawag.
**73** 1*a* ie ang ibang mga nasa misyon; tingnan sa D at T 57–68.
2*a* D at T 20:63.
3*a* ie Inutusan sina Joseph at Sidney noon na tumigil sa pagsasalin ng Biblia at mangaral ng ebanghelyo. D at T 71:2.
*b* D at T 45:60–61; 76:15. gbk Pagsasalin ni Joseph Smith (pjs).

5 At ito ay magiging huwaran sa mga elder hanggang sa makatanggap ng karagdagang kaalaman, maging tulad ng nakasulat dito.

6 Ngayon hindi na ako magbibigay pa sa inyo sa mga oras na ito. [a]Bigkisan ang inyong mga balakang at maging mahinahon. Maging gayon nga. Amen.

## BAHAGI 74

*Paghahayag na ibinigay kay Joseph Smith, ang Propeta, sa Hiram, Ohio, Enero 1832 (*History of the Church, *1:242). Isinulat ng Propeta: "Sa pagtanggap ng nauunang salita ng Panginoon [D at T 73], aking muling sinimulan ang pagsasalin ng mga Banal na Kasulatan, at masigasig na gumawa hanggang bago dumating ang pagpupulong, na nakatakdang ganapin sa ika-25 ng Enero. Sa panahong ito natanggap ko rin ang mga sumusunod, bilang paliwanag ng Unang Sulat sa mga Taga-Corinto, ika-7 kabanata, ika-14 na talata" (*History of the Church, *1:242).*

*1–5, Pinayuhan ni Pablo ang Simbahan noong kanyang kapanahunan na huwag sundin ang mga batas ni Moises; 6–7, Ang maliliit na bata ay banal at pinabanal sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala.*

SAPAGKAT ang [a]hindi sumasampalatayang asawang lalaki ay pinababanal ng asawang babae, ang hindi sumasampalatayang asawang babae ay pinababanal ng asawang lalaki; kung hindi ang inyong mga anak ay marurumi, subalit ngayon sila ay banal na.

2 Ngayon, sa mga araw ng mga apostol ang batas ng pagtutuli ay ginagawa sa lahat ng Judio na hindi naniniwala sa ebanghelyo ni Jesucristo.

3 At ito ay nangyari na, na nagkaroon ng malaking [a]pagtatalo sa mga tao hinggil sa batas ng [b]pagtutuli, sapagkat ang hindi sumasampalatayang asawang lalaki ay naghangad na ang kanyang mga anak ay nararapat na matuli at mapasailalim sa mga [c]batas ni Moises, na aling batas ay natupad na.

4 At ito ay nangyari na ang mga anak, na pinalaki sa ilalim ng mga batas ni Moises, ay tumalima sa mga [a]paniniwala ng kanilang mga ama at hindi naniwala sa ebanghelyo ni Cristo, na kung saan sila ay hindi naging banal.

5 Dahil dito, sa kadahilanang ito ang apostol ay sumulat sa simbahan, nagbibigay sa kanila ng isang kautusan, hindi mula sa Panginoon, kundi mula sa kanya, na ang mananampalata-

6*a* 1 Ped. 1:13.
**74** 1*a* 1 Cor. 7:14–19.
3*a* Gawa 15:1–35; Gal. 2:1–5.
*b* GBK Pagtutuli.
*c* GBK Batas ni Moises, Mga.
4*a* GBK Kaugalian, Mga.

ya ay hindi nararapat na [a]maki-
isa sa hindi mananampalataya;
maliban na ang mga [b]batas ni
Moises ay matigil na sa kanila,
6 Nang ang kanilang mga anak
ay manatili nang walang pagtu-
tuli; at nang ang paniniwala ay
matigil na, na nagsasabi na ang
maliliit na bata ay hindi banal;
sapagkat ito ang paniniwala ng
mga Judio;
7 Subalit ang maliliit na [a]bata
ay [b]banal, [c]pinabanal sa pama-
magitan ng [d]pagbabayad-sala ni
Jesucristo; at ito ang ibig sabi-
hin ng mga banal na kasulatan.

## BAHAGI 75

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Amherst, Ohio, ika-25 ng Enero 1832 (*History of the Church, *1:242–245). Ang pangyayari ay sa isang pagpupulong na naunang itinakda. Sa pagpupulong na ito si Joseph Smith ay sinang-ayunan at inordenan Pangulo ng Mataas na Pagkasaserdote. May ilang elder, na nakaranas ng kahirapan sa pagpapaunawa sa mga tao ng kanilang mensahe, ay naghangad na matutuhan nang higit pa ang kanilang mga pangunahing tungkulin. Ang paghahayag na ito ang sumunod.*

*1–5, Ang matatapat na elder na nangangaral ng ebanghelyo ay makatatamo ng buhay na walang hanggan; 6–12, Manalangin upang matanggap ang Mang-aaliw, na nagtuturo ng lahat ng bagay; 13–22, Ang mga elder ay uupo sa paghuhukom sa mga yaong tumanggi sa kanilang mensahe; 23–36, Ang mag-anak ng mga misyonero ay makatatanggap ng tulong mula sa Simbahan.*

KATOTOHANAN, katotoha-
nan, sinasabi ko sa inyo,
ako na nangungusap maging sa
pamamagitan ng [a]tinig ng aking
Espiritu, maging ang [b]Alpha at
Omega, ang inyong Panginoon
at inyong Diyos—
2 Makinig, O kayong nagbigay
ng inyong mga pangalan upang
humayo upang ipahayag ang
aking ebanghelyo, at upang [a]pu-
ngusan ang aking [b]ubasan.
3 Masdan, sinasabi ko sa inyo,
na ito ang aking kalooban na
kayo ay nararapat na humayo
at huwag magpaiwan, ni ma-
ging [a]tamad bagkus gumawa
nang inyong buong lakas—
4 Itinataas ang inyong mga ti-
nig na katulad ng tunog ng
isang pakakak, [a]ipinahahayag

5*a* GBK Kasal, Pagpapakasal—Pagpapakasal sa hindi kasampalataya.
*b* 2 Ne. 25:24–27.
7*a* Moro. 8:8–15; D at T 29:46–47; 137:10.
*b* GBK Banal (pang-uri).
*c* GBK Kaligtasan—Kaligtasan ng mga bata.
*d* GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala.
**75** 1*a* GBK Paghahayag.
*b* Apoc. 1:8. GBK Alpha at Omega.
2*a* Jac. 5:62.
*b* GBK Ubasan ng Panginoon.
3*a* GBK Tamad, Katamaran.
4*a* GBK Gawaing Pangmisyonero.

ang [b]katotohanan alinsunod sa mga paghahayag at kautusan na aking ibinigay sa inyo.
5 At sa ganito, kung kayo ay matatapat kayo ay matitigib ng [a]bigkis, at [b]puputungan ng [c]karangalan, at [d]kaluwalhatian, at [e]kawalang-kamatayan, at buhay na [f]walang hanggan.
6 Samakatwid, katotohanang sinasabi ko sa aking tagapaglingkod na si William E. McLellin, [a]binabawi ko ang pagtatalaga na ibinigay ko sa kanya na magtungo sa mga bansa sa silangan;
7 At ako ay nagbibigay sa kanya ng panibagong pagtatalaga at ng bagong kautusan, na kung saan ako, ang Panginoon, ay [a]pinagsabihan siya dahil sa mga [b]pagbubulung-bulong ng kanyang puso;
8 At siya ay nagkasala; gayunpaman, akin siyang pinatatawad at sinasabi sa kanya muli, Humayo ka sa mga bansa sa katimugan.
9 At ang aking tagapaglingkod na si Luke Johnson ay sumama sa kanya, at magpahayag ng mga bagay na aking ipinag-uutos sa kanila—
10 Tinatawag ang pangalan ng Panginoon para sa [a]Mang-aaliw, na magtuturo sa kanila ng lahat ng bagay na kinakailangan para sa kanila—
11 [a]Manalangin tuwina nang sila ay huwag manghina; at yayamang kanilang ginagawa ito, ako ay makakasama nila maging hanggang sa katapusan.
12 Masdan, ito ang kalooban ng Panginoon ninyong Diyos hinggil sa inyo. Maging gayon nga. Amen.
13 At muli, katotohanang ganito ang wika ng Panginoon, ang aking tagapaglingkod na si [a]Orson Hyde at ang aking tagapaglingkod na si [b]Samuel H. Smith ay maglakbay sa mga bansa sa gawing silangan, at magpahayag ng mga bagay na aking ipinag-utos sa kanila; at yayamang sila ay matatapat, masdan, ako ay [c]makakasama nila maging hanggang sa katapusan.
14 At muli, katotohanang sinasabi ko sa aking tagapaglingkod na si Lyman Johnson, at sa aking tagapaglingkod na si [a]Orson Pratt, sila ay maglakbay rin sa mga bansa sa gawing silangan; at masdan, at narito, ako ay makakasama rin nila, maging hanggang sa katapusan.
15 At muli, sinasabi ko sa aking tagapaglingkod na si Asa Dodds, at sa aking tagapaglingkod na si Calves Wilson, na sila ay maglakbay rin sa mga bansa sa gawing kanluran, at ipangaral ang aking ebanghelyo, maging gaya ng ipinag-utos ko sa kanila.

4*b* D at T 19:37.
5*a* Awit 126:6; Alma 26:5.
*b* GBK Putong.
*c* GBK Karangalan.
*d* GBK Kaluwalhatian.
*e* GBK Kawalang-kamatayan, Walang Kamatayan.
*f* GBK Buhay na Walang Hanggan.
6*a* D at T 66:1–13.
7*a* GBK Parusa, Pagpaparusa.
*b* GBK Bumulung-bulong; Pag-iisip, Mga.
10*a* Juan 14:26. GBK Mang-aaliw.
11*a* 2 Ne. 32:9.
13*a* GBK Hyde, Orson.
*b* GBK Smith, Samuel H.
*c* Mat. 28:19–20.
14*a* GBK Pratt, Orson.

16 At siya na matapat ay pag-
tatagumpayan ang lahat ng
bagay, at [a]dadakilain sa huling
araw.
17 At muli, sinasabi ko sa aking
tagapaglingkod na si Major N.
Ashley, at sa aking tagapag-
lingkod na si Burr Riggs, sila ay
maglakbay rin sa mga bansa sa
gawing timog.
18 Oo, lahat ng yaon ay mag-
lakbay, gaya ng aking ipinag-
utos sa kanila, magtutungo sa
bawat bahay, at sa bawat bar-
yo, at sa bawat lunsod.
19 At kung saan mang bahay
kayo papasok, at kanila kayong
tinatanggap iwan ang inyong
pagbabasbas sa bahay na yaon.
20 At kung saan mang bahay
kayo papasok, at hindi nila kayo
tinatanggap, kayo ay lilisan ka-
agad mula sa bahay na yaon, at
[a]ipagpag ang alikabok sa inyong
mga paa bilang isang patotoo
laban sa kanila.
21 At kayo ay mapupuspos ng
[a]kagalakan at kaligayahan; at
alamin ito, na sa araw ng paghu-
hukom kayo ang magiging mga
[b]hukom ng bahay na yaon, at
hahatulan sila;
22 At higit na mabuti pa para
sa mga pagano sa araw ng pag-
huhukom, kaysa sa bahay na
yaon; samakatwid, [a]bigkisan ang
inyong mga balakang at maging
matapat, at inyong mapagtata-
gumpayan ang lahat ng bagay,
at dadakilain sa huling araw.
Maging gayon nga. Amen.
23 At muli, ganito ang wika ng
Panginoon sa inyo, O kayong
mga elder ng aking simbahan,
na nagbigay ng inyong panga-
lan upang inyong malaman ang
kanyang kalooban hinggil sa
inyo—
24 Masdan, sinasabi ko sa inyo,
na tungkulin ng simbahan na
tumulong sa pagtataguyod sa
mga mag-anak ng mga yaon, at
gayon din ay itaguyod ang mga
mag-anak ng mga yaong tina-
wag at talagang kinakailangang
isugo sa sanlibutan upang ipa-
ngaral ang ebanghelyo sa san-
libutan.
25 Dahil dito, ako, ang Pa-
nginoon, ay nagbibigay sa inyo
ng kautusang ito, na kayo ay
humanap ng mga lugar para sa
inyong mag-anak, yayamang
ang inyong mga kapatid ay na-
kahandang buksan ang kani-
lang mga puso.
26 At lahat na makahahanap
ng mga lugar para sa kanilang
mag-anak, at makatatamo ng
pagtataguyod ng simbahan para
sa kanila, na huwag hindi mag-
tungo sa sanlibutan maging sa
silangan o sa kanluran, o sa hi-
laga, o sa timog.
27 Sila ay humingi at sila ay
makatatanggap, kumatok at sila
ay pagbubuksan, at ipaaalam
mula sa kaitaasan, maging sa
pamamagitan ng [a]Mang-aaliw,
kahit saan sila tutungo.
28 At muli, katotohanang si-
nasabi ko sa inyo, na bawat

16*a* D at T 5:35.
20*a* Mat. 10:14; Lu. 10:11–12; D at T 24:15; 60:15.
21*a* Mat. 5:11–12.
*b* GBK Hatol, Paghatol.
22*a* Ef. 6:14; D at T 27:15–18.
27*a* 2 Ne. 32:5; D at T 8:2. GBK Espiritu Santo.

lalaki na may tungkulin na [a]maglaan para sa kanyang sariling [b]mag-anak, siya ay maglaan, at hindi mawawala sa kanya ang kanyang putong; at gumawa siya sa simbahan.

29 Maging [a]masigasig ang bawat tao sa lahat ng bagay. At ang [b]tamad ay hindi magkakaroon ng lugar sa simbahan, maliban na siya ay magsisi at iwasto ang kanyang mga gawi.

30 Dahil dito, ang aking tagapaglingkod na si Simeon Carter at ang aking tagapaglingkod na si Emer Harris ay magsama sa ministeryo;

31 At gayon din ang aking tagapaglingkod na si Ezra Thayre at ang aking tagapaglingkod na si [a]Thomas B. Marsh;

32 At gayon din ang aking tagapaglingkod na si Hyrum Smith at ang aking tagapaglingkod na si Reynolds Cahoon;

33 At gayon din ang aking tagapaglingkod na si Daniel Stanton at ang aking tagapaglingkod na si Seymour Brunson;

34 At gayon din ang aking tagapaglingkod na si Sylvester Smith at ang aking tagapaglingkod na si Gideon Carter;

35 At gayon din ang aking tagapaglingkod na si Ruggles Eames at ang aking tagapaglingkod na si Stephen Burnett;

36 At gayon din ang aking tagapaglingkod na si Micah B. Welton at gayon din ang aking tagapaglingkod na si Eden Smith. Maging gayon nga. Amen.

## BAHAGI 76

*Isang pangitain na ibinigay kina Joseph Smith, ang Propeta, at Sidney Rigdon, sa Hiram, Ohio, ika-16 ng Pebrero 1832 (*History of the Church, *1:245–252). Sa pagsisimula sa kanyang tala ng pangitaing ito, ang Propeta ay sumulat: "Sa aking pagbalik mula sa pagpupulong sa Amherst, ipinagpatuloy ko ang pagsasalin ng Banal na Kasulatan. Mula sa iba't ibang paghahayag na natanggap, kitang-kita na maraming mahalagang paksa hinggil sa kaligtasan ng tao, ang inalis mula sa Biblia, o nawala bago ito inipon. Kitang-kita mula sa mga naiwang katotohanan, na kung ang Diyos ay nagbibigay ng gantimpala sa lahat alinsunod sa gawaing ginawa habang nabubuhay, ang katagang 'Langit', na hangad para sa walang hanggang tahanan ng mga Banal, ay kinakailangang sumaklaw sa marami pang kaharian maliban sa isa. Alinsunod dito, . . . habang isinasalin ang Ebanghelyo ni San Juan, ako at si Elder Rigdon ay nakita ang sumusunod na pangitain" (*History of the Church, *1:245). Ito ay matapos isalin ng Propeta ang Juan 5:29 nang ang pangitaing ito ay ipinagkaloob.*

28*a* 1 Tim. 5:8; D at T 83:2.
*b* GBK Mag-anak.
29*a* GBK Kasigasigan.
*b* GBK Tamad, Katamaran.
31*a* GBK Marsh, Thomas B.

*1–4, Ang Panginoon ay Diyos; 5–10, Ang hiwaga ng kaharian ay ipahahayag sa lahat ng matapat; 11–17, Ang lahat ay babangon sa pagkabuhay na mag-uli ng mga matwid o ng mga di-matwid; 18–24, Ang mga naninirahan sa maraming daigdig ay mga isinilang na anak na lalaki at babae ng Diyos sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Jesucristo; 25–29, Isang anghel ng Diyos ang bumagsak at naging ang diyablo; 30–49, Ang mga anak ng kapahamakan ay magdurusa ng walang hanggang kapahamakan; ang lahat ng iba pa ay tatanggap ng ilang antas ng kaligtasan; 50–70, Ang kaluwalhatian at ang gantimpala ng mga dinakilang nilalang sa kahariang selestiyal ay inilarawan; 71–80, Yaong mga magmamana ng kahariang terestriyal ay inilarawan; 81–113, Ang kalagayan ng mga yaong nasa kaluwalhatiang telestiyal, terestriyal at selestiyal ay ipinaliwanag; 114–119, Ang matatapat ay maaaring makita at makaunawaan ang mga hiwaga ng kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu.*

[a]PAKINGGAN, O kayong mga
kalangitan, at makinig, O
lupa, at magalak kayong mga
naninirahan dito, sapagkat ang
Panginoon ay [b]Diyos, at mali-
ban sa kanya ay [c]wala nang
[d]Tagapagligtas.
2 [a]Dakila ang kanyang karunu-
ngan, [b]kagila-gilalas ang kan-
yang mga pamamaraan, at ang
lawak ng kanyang mga gawain
ay walang makatutuklas.
3 Ang kanyang mga [a]layunin
ay hindi nabibigo, ni walang
sinuman ang makapipigil sa
kanyang kamay.
4 Mula sa kawalang-hanggan
hanggang sa kawalang-hanggan
siya ay [a]gayon din, at ang kan-
yang mga taon ay hindi [b]nata-
tapos.
5 Sapagkat ganito ang wika ng
Panginoon—Ako, ang Pangino-
on, ay [a]maawain at mapagma-
hal sa mga yaong may [b]takot sa
akin, at nagagalak na paranga-
lan yaong mga [c]naglilingkod sa
akin sa kabutihan at sa katoto-
hanan hanggang sa katapusan.
6 Dakila ang kanilang gantim-
pala at walang hanggan ang
kanilang [a]kaluwalhatian.
7 At sa kanila aking [a]ipahaha-
yag ang lahat ng [b]hiwaga, oo, la-
hat ng nakakubling hiwaga ng
aking kaharian mula noong una,
at hanggang sa mga panahong
darating, aking ipaaalam sa ka-
nila ang mabuting kagustuhan

**76** 1*a* Is. 1:2.
*b* Jer. 10:10. GBK Diyos, Panguluhang Diyos—Diyos Anak.
*c* Is. 43:11; Os. 13:4.
*d* GBK Tagapagligtas.
2*a* 2 Ne. 2:24; D at T 38:1–3.
*b* Apoc. 15:3.
3*a* 1 Hari 8:56; D at T 1:38; 64:31.
4*a* Heb. 13:8; D at T 35:1; 38:1–4; 39:1–3.
*b* Awit 102:25–27; Heb. 1:12.
5*a* Ex. 34:6; Awit 103:8. GBK Awa, Maawain.
*b* Deut. 6:13; Jos. 4:23–24. GBK Takot; Paggalang.
*c* D at T 4:2.
6*a* GBK Kaluwalhatiang Selestiyal.
7*a* D at T 42:61; 59:4; 98:12; 121:26–33.
*b* GBK Hiwaga ng Diyos, Mga.

ng aking kalooban hinggil sa
lahat ng bagay na nauukol sa
aking kaharian.
8 Oo, maging ang mga ka-
mangha-mangha ng kawalang-
hanggan ay kanilang malala-
man, at ang mga bagay na dara-
ting ay aking ipakikita sa kanila,
maging ang mga bagay-bagay
ng maraming salinlahi.
9 At ang kanilang [a]karunungan
ay lalawak, at ang kanilang
[b]pang-unawa ay aabot hang-
gang sa langit; at sa harapan nila
ang karunungan ng mga pan-
tas ay [c]mapapawi, at ang pang-
unawa ng matatalino ay ma-
wawalang-saysay.
10 Sapagkat sa pamamagitan
ng aking [a]Espiritu ay aking [b]bi-
bigyang-liwanag sila, at sa pa-
mamagitan ng aking [c]kapangya-
rihan aking ipaaalam sa kanila
ang mga lihim ng aking kaloo-
ban—oo, maging yaong mga
bagay na hindi nakikita ng [d]ma-
ta, ni naririnig ng tainga, ni
hindi pa pumapasok sa puso
ng tao.
11 Kami, sina Joseph Smith,
Jun., at Sidney Rigdon, habang
[a]nasa Espiritu noong ika-
labing-anim ng Pebrero, sa
taon ng ating Panginoon isanli-
bo walong daan at tatlumpu at
dalawa—
12 Sa pamamagitan ng kapang-
yarihan ng [a]Espiritu ang aming
mga [b]mata ay nabuksan at ang
aming mga pang-unawa ay na-
liwanagan, upang aming maki-
ta at maunawaan ang mga
bagay-bagay ng Diyos—
13 Maging yaong mga bagay
na mula sa simula bago pa mag-
karoon ng daigdig, na inorde-
nan ng Ama, sa pamamagitan
ng kanyang Bugtong na Anak,
na nasa sinapupunan ng Ama,
maging mula sa [a]simula;
14 Na siya naming pinatototo-
hanan; at ang patotoo na aming
sinabi ay kabuuan ng ebanghel-
yo ni Jesucristo, na siyang Anak,
na siyang aming nakita at si-
yang aming [a]nakausap sa isang
makalangit na [b]pangitain.
15 Sapagkat habang aming gi-
nagawa ang gawain ng [a]pagsa-
salin, na itinakda ng Panginoon
sa amin, kami ay humantong sa
ikadalawampu at siyam na ta-
lata ng ikalimang kabanata ni
Juan, na ibinigay sa amin tulad
ng sumusunod—
16 Nangungusap tungkol sa
pagkabuhay na mag-uli ng mga
patay, hinggil sa mga yaong
[a]makaririnig ng tinig ng [b]Anak
ng Tao:
17 At babangon; sila na guma-
wa ng [a]mabuti, sa [b]pagkabuhay

9*a* GBK Karunungan.
*b* GBK Pagkaunawa.
*c* Is. 29:14; 2 Ne. 9:28–29.
10*a* Moro. 10:5.
*b* GBK Paghahayag; Patotoo.
*c* GBK Kapangyarihan.
*d* Is. 64:4; 1 Cor. 2:9; 3 Ne. 17:15–17; D at T 76:114–116.
11*a* Apoc. 1:10.
12*a* GBK Pagbabagong-anyo.
*b* D at T 110:1; 137:1; 138:11, 29.
13*a* Moi. 4:2.
14*a* D at T 109:57.
*b* GBK Pangitain.
15*a* GBK Pagsasalin ni Joseph Smith (PJS).
16*a* Juan 5:28.
*b* GBK Anak ng Tao.
17*a* GBK Gawa, Mga.
*b* GBK Pagkabuhay na Mag-uli.

na mag-uli ng [c]mabubuti; at
sila na gumawa ng masama, sa
pagkabuhay na mag-uli ng ma-
sasama.
18 Ngayon ito ay nagdulot sa
amin ng pagkamangha, sapag-
kat ito ay ibinigay sa amin ng
Espiritu.
19 At habang kami ay [a]nag-
bubulay-bulay sa mga bagay
na ito, hinipo ng Panginoon ang
mga mata ng aming mga pang-
unawa at ang mga ito ay na-
buksan, at ang kaluwalhatian ng
Panginoon ay nagliwanag sa
paligid.
20 At aming namasdan ang
[a]kaluwalhatian ng Anak, sa [b]ka-
nang kamay ng [c]Ama, at natang-
gap ang kanyang kaganapan;
21 At nakita ang mga banal na
[a]anghel, at sila na mga [b]pinaba-
nal sa harapan ng kanyang luk-
lukan, sinasamba ang Diyos, at
ang Kordero, na siyang [c]suma-
samba sa kanya magpakailan-
man at walang katapusan.
22 At ngayon, matapos ang
maraming patotoo na ibinigay
hinggil sa kanya, ito ang [a]pa-
totoo, na pinakahuli sa lahat,
na aming ibibigay tungkol sa
kanya: Na siya ay [b]buhay!
23 Sapagkat siya ay aming
[a]nakita, maging sa kanang ka-
may ng [b]Diyos; at aming nari-
nig ang tinig na nagpapatotoo
na siya ang [c]Bugtong na Anak
ng Ama—
24 Na sa [a]kanya, at sa pama-
magitan niya, at mula sa kanya,
ang mga [b]daigdig ay nililikha at
nalikha, at ang mga naninirahan
dito ay mga isinilang na [c]anak
na lalaki at babae ng Diyos.
25 At amin ding nakita, at pi-
natototohanan, na ang [a]anghel
ng Diyos na may kapangyarihan
sa harapan ng Diyos, na naghi-
magsik laban sa Bugtong na
Anak na siyang minahal ng
Ama at siyang nasa sinapupu-
nan ng Ama, ay iwinaksi sa ha-
rapan ng Diyos at ng Anak,
26 At tinawag na Kapahama-
kan, sapagkat ang kalangitan
ay tumangis sa kanya—siya si
[a]Lucifer, ang anak ng umaga.
27 At aming namasdan, at
narito, siya ay [a]bumagsak! bu-
magsak, maging ang anak ng
umaga!
28 At habang kami ay nasa
Espiritu pa, inutusan kami ng
Panginoon na dapat naming
isulat ang pangitain; sapagkat

17*c* Gawa 24:15.
19*a* GBK Pagbulay-bulay.
20*a* GBK Jesucristo—Kaluwalhatian ni Jesucristo.
*b* Gawa 7:56.
*c* GBK Diyos, Panguluhang Diyos—Diyos Ama.
21*a* Mat. 25:31; D at T 130:6–7; 136:37.
*b* GBK Pagpapabanal.
*c* GBK Pagsamba.
22*a* GBK Patotoo.
*b* D at T 20:17.
23*a* GBK Jesucristo—Mga pagpapakita ni Cristo matapos maging mortal.
*b* GBK Diyos, Panguluhang Diyos—Diyos Ama.
*c* Juan 1:14. GBK Bugtong na Anak.
24*a* Heb. 1:1–3; 3 Ne. 9:15; D at T 14:9; 93:8–10.
*b* Moi. 1:31–33; 7:30. GBK Likha, Paglikha.
*c* Gawa 17:28, 29; Heb. 12:9; GBK Anak na Lalaki at Babae ng Diyos, Mga.
25*a* D at T 29:36–39; Moi. 4:1–4. GBK Diyablo.
26*a* Is. 14:12–17. GBK Lucifer.
27*a* Lu. 10:18.

aming namalas si Satanas, ang matandang [a]ahas, maging ang [b]diyablo, na [c]naghimagsik laban sa Diyos, at naghangad na kunin ang kaharian ng aming Diyos at ng kanyang Cristo—
29 Dahil dito, siya ay [a]nakidigma sa mga banal ng Diyos, at pinaligiran sila.
30 At aming nakita ang isang pangitain ng mga pagdurusa ng mga yaong kanyang dinigma at nilupig, sapagkat ganito dumating ang tinig ng Panginoon sa amin:
31 At ganito ang wika ng Panginoon hinggil sa lahat ng yaong nakaaalam ng aking kapangyarihan, at ginawang kabahagi nito, at hinayaan ang kanilang sarili sa kapangyarihan ng diyablo upang [a]madaig, at upang itatwa ang katotohanan at lumaban sa aking kapangyarihan—
32 Sila ang mga yaong [a]anak na lalaki ng [b]kapahamakan, na siyang aking sinabi na mas mabuti pa para sa kanila na hindi na sila ipinanganak;
33 Sapagkat sila ay mga sisidlan ng poot, hinatulan na pagdusahan ang poot ng Diyos, kasama ng diyablo at ng kanyang mga anghel sa kawalanghanggan;
34 Hinggil sa mga yaong aking sinabi na walang [a]kapatawaran sa daigdig na ito ni sa daigdig na darating—
35 [a]Itinakwil ang Banal na Espiritu matapos matanggap ito, at itinakwil ang Bugtong na Anak ng Ama, matapos nilang [b]ipako siya sa krus sa kanilang sarili at ilagay siya sa hayag na kahihiyan.
36 Sila ang mga yaong tutungo sa [a]lawa ng apoy at asupre, kasama ng diyablo at ng kanyang mga anghel—
37 At sa kanila lamang may kapangyarihan ang pangalawang [a]kamatayan;
38 Oo, katotohanan, [a]sila lamang ang hindi matutubos sa takdang panahon ng Panginoon, pagkatapos ng mga pagdurusa ng kanyang poot.
39 Sapagkat ang lahat ng iba pa ay [a]babangon sa [b]pagkabuhay na mag-uli ng mga patay, sa pamamagitan ng pagwawagi at kaluwalhatian ng [c]Kordero,

28*a* Apoc. 12:9.
*b* GBK Diyablo.
*c* GBK Digmaan sa Langit.
29*a* Apoc. 13:7; 2 Ne. 2:18; 28:19–23.
31*a* GBK Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan.
32*a* GBK Anak na Lalaki ng Kapahamakan, Mga.
*b* D at T 76:26; Moi. 5:22–26.
34*a* Mat. 12:31–32. GBK Magpatawad.
35*a* 2 Ped. 2:20–22; Alma 39:6. GBK Walang Kapatawarang Kasalanan.
*b* Heb. 6:4–6; 1 Ne. 19:7; D at T 132:27.
36*a* Apoc. 19:20; 20:10; 21:8; 2 Ne. 9:16; 28:23; Alma 12:16–18; D at T 63:17.
37*a* GBK Kamatayan, Espirituwal na.
38*a* GBK Anak na Lalaki ng Kapahamakan, Mga.
39*a* IE tinubos; tingnan sa talata 38. Lahat ay mabubuhay na mag-uli. Tingnan sa Alma 11:41–45. GBK Binuhay.
*b* GBK Pagkabuhay na Mag-uli.
*c* GBK Jesucristo.

na pinatay, na nasa sinapupunan ng Ama bago pa nilikha ang mga daigdig;

40 At ito ang [a]ebanghelyo, ang mabubuting balita, na siyang pinatototohanan ng tinig mula sa langit sa amin—

41 Na siya ay pumarito sa daigdig, maging si Jesus, upang [a]ipako sa krus dahil sa sanlibutan, upang [b]dalhin ang mga kasalanan ng [c]sanlibutan, at upang [d]pabanalin ang sanlibutan at [e]linisin ito mula sa lahat ng kasamaan;

42 Na sa pamamagitan niya ang lahat ay [a]maliligtas na siyang inilagay ng Ama sa kanyang kapangyarihan at nilalang sa pamamagitan niya;

43 Na siyang lumuluwalhati sa Ama, at inililigtas ang lahat ng gawa ng kanyang mga kamay, maliban ang mga yaong anak na lalaki ng kapahamakan na itinakwil ang Anak matapos siyang ipahayag ng Ama.

44 Dahil dito, inililigtas niya ang lahat maliban sa kanila—sila ay patutungo sa [a]walang katapusang [b]kaparusahan, na siyang walang hanggang kaparusahan, na siyang walang katapusang kaparusahan, upang maghari kasama ng [c]diyablo at ng kanyang mga anghel sa kawalang-hanggan, kung saan ang kanilang [d]uod ay hindi mamamatay, at ang apoy ay hindi maaapula, na siya nilang kaparusahan—

45 At ang [a]wakas nito, ni ang lugar nito, ni ang kanilang kaparusahan, walang taong nakaaalam;

46 Ni hindi ito ipinahayag, ni ipinahahayag, ni ipahahayag sa tao, maliban sa kanila na tatanggap nito;

47 Gayunpaman, ako, ang Panginoon, ay ipinakita ito sa pamamagitan ng pangitain sa marami, subalit agad itong itinagong muli.

48 Dahil dito, ang katapusan, ang lapad, ang taas, ang [a]lalim, at ang pagdurusa rito, hindi nila mauunawaan, ni ninuman maliban sa yaong [b]inorden sa [c]kaparusahang ito.

49 At aming narinig ang tinig na nagsasabing: Isulat ang pangitain, sapagkat narito, ito ang katapusan ng pangitain ng mga pagdurusa ng hindi maka-diyos.

50 At muli kami ay nagpapatotoo—sapagkat aming nakita at narinig, at ito ang [a]patotoo ng ebanghelyo ni Cristo hinggil sa kanila na babangon sa [b]pagkabuhay na mag-uli ng mga matwid—

51 Sila ang mga yaong tumanggap ng patotoo ni Jesus, at

40*a* 3 Ne. 27:13–22. GBK Ebanghelyo; Plano ng Pagtubos.
41*a* GBK Pagpapako sa Krus.
*b* Is. 53:4–12; Heb. 9:28.
*c* 1 Juan 2:1–2.
*d* GBK Pagpapabanal.
*e* GBK Tubos, Tinubos, Pagtubos.
42*a* GBK Kaligtasan.
44*a* D at T 19:6–12.
*b* GBK Kapahamakan.
*c* GBK Diyablo.
*d* Is. 66:24; Mar. 9:43–48.
45*a* D at T 29:28–29.
48*a* Apoc. 20:1.
*b* IE hinatulan, inilaan.
*c* Alma 42:22.
50*a* GBK Patotoo.
*b* GBK Pagkabuhay na Mag-uli.

[a]naniwala sa kanyang pangalan at [b]nabinyagan sa [c]paraan ng kanyang pagkakalibing, na [d]nalibing sa tubig sa kanyang pangalan, at ito ay alinsunod sa kautusan na kanyang ibinigay—
52 Na sa pamamagitan ng pagsunod sa kautusan sila ay maaaring [a]mahugasan at [b]malinis mula sa lahat ng kanilang kasalanan, at tumanggap ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng pagpapatong ng [c]kamay niya na [d]inordenan at binuklod sa [e]kapangyarihang ito;
53 At siyang pinangibabawan ng pananampalataya, at [a]ibinuklod sa pamamagitan ng [b]Banal na Espiritu ng pangako, na siyang ibinubuhos ng Ama sa lahat ng yaong matwid at totoo.
54 Sila ang mga yaong simbahan ng [a]Panganay.
55 Sila ang mga yaong kung kaninong kamay ibinigay ng Ama ang [a]lahat ng bagay—
56 Sila ang mga yaong [a]saserdote at hari, na nakatanggap ng kanyang kaganapan, at ng kanyang kaluwalhatian;
57 At mga [a]saserdote ng Pinakamataas, alinsunod sa orden ni Melquisedec, na alinsunod sa orden ni [b]Enoc, na alinsunod sa [c]orden ng Bugtong na Anak.
58 Dahil dito, ayon sa nakasulat, sila ay mga [a]diyos, maging ang mga [b]anak na lalaki ng [c]Diyos—
59 Dahil dito, [a]lahat ng bagay ay kanila, kahit ang buhay o kamatayan, o mga bagay na kasalukuyan, o ang mga bagay na darating, lahat ay kanila at sila ay kay Cristo, at si Cristo ay sa Diyos.
60 At kanilang [a]madadaig ang lahat ng bagay.
61 Dahil dito, walang sinumang [a]magmamapuri sa tao, bagkus [b]magmapuri siya sa Diyos, na siyang [c]lulupig sa lahat ng kanyang mga kaaway sa ilalim ng kanyang mga paa.

51*a* D at T 20:25–27, 37.
*b* GBK Pagbibinyag, Binyagan.
*c* D at T 128:13.
*d* Rom. 6:3–5. GBK Pagbibinyag, Binyagan—Pagbibinyag sa pamamagitan ng paglubog.
52*a* 2 Ne. 9:23; Moro. 8:25–26.
*b* GBK Dalisay, Kadalisayan.
*c* GBK Kaloob na Espiritu Santo; Kamay, Pagpapatong ng mga.
*d* GBK Ordenan, Pag-oorden.
*e* GBK Karapatan.
53*a* GBK Buklod, Pagbubuklod.
*b* Ef. 1:13; D at T 88:3–5. GBK Banal na Espiritu ng Pangako.
54*a* Heb. 12:23; D at T 93:21–22. GBK Panganay.
55*a* 2 Ped. 1:3–4; D at T 50:26–28; 84:35–38.
56*a* Ex. 19:6; Apoc. 1:5–6; 20:6.
57*a* GBK Saserdote, Pagkasaserdoteng Melquisedec.
*b* Gen. 5:21–24. GBK Enoc.
*c* D at T 107:1–4.
58*a* Awit 82:1, 6; Juan 10:34–36. GBK Tao, Mga Tao— Tao, may kakayahang maging katulad ng Ama sa Langit.
*b* GBK Anak na Lalaki at Babae ng Diyos, Mga.
*c* D at T 121:32. GBK Diyos, Panguluhang Diyos.
59*a* Lu. 12:42–44; 3 Ne. 28:10; D at T 84:36–38.
60*a* Apoc. 3:5; 21:7.
61*a* Juan 5:41–44; 1 Cor. 3:21–23.
*b* 2 Ne. 33:6; Alma 26:11–16. GBK Kaluwalhatian.
*c* D at T 49:6.

62 Ang mga ito ay [a]mananahan sa [b]kinaroroonan ng Diyos at ng kanyang Cristo magpakailanman at walang katapusan.
63 Sila ang mga [a]yaong dadalhing kasama niya, kapag siya ay [b]pumarito na sumasa mga alapaap ng langit upang [c]maghari sa lupa sa kanyang mga tao.
64 Sila ang mga yaong magkakaroon ng bahagi sa [a]unang pagkabuhay na mag-uli.
65 Sila ang mga yaong babangon sa [a]pagkabuhay na mag-uli ng mga matwid.
66 Sila ang mga yaong tutungo sa [a]Bundok ng [b]Sion, at sa bayan ng buhay na Diyos, ang makalangit na lugar, ang pinakabanal sa lahat.
67 Sila ang mga yaong darating sa di mabilang na mga hukbo ng mga anghel, sa pangkalahatang pagtitipon ng simbahan ni [a]Enoc, at ng [b]Panganay.
68 Sila ang mga yaon na ang mga pangalan ay [a]nakasulat sa langit, kung saan ang Diyos at si Cristo ang [b]hukom ng lahat.
69 Sila ang mga yaong [a]matwid na tao na ginawang [b]ganap sa pamamagitan ni Jesus, ang tagapamagitan ng bagong [c]tipan, na nagsakatuparan ng ganap na [d]pagbabayad-salang ito sa pamamagitan ng pagbubuhos ng kanyang sariling [e]dugo.
70 Sila ang mga yaong ang katawan ay [a]selestiyal, na ang [b]kaluwalhatian ay gaya ng sa [c]araw, maging ang kaluwalhatian ng Diyos, ang pinakamataas sa lahat, na ang kaluwalhatian, ang araw sa kalangitan ay nasusulat bilang isang sagisag.
71 At muli, aming nakita ang [a]terestriyal na daigdig, at masdan at narito, sila ang mga yaong panterestriyal, na yaong kaluwalhatian ay naiiba mula sa simbahan ng Panganay na nakatanggap ng kaganapan ng Ama, maging gaya ng pagkakaiba ng [b]buwan mula sa araw sa kalangitan.
72 Masdan, sila ang mga yaong namatay nang [a]walang [b]batas;
73 At sila rin ang mga yaong

62*a* Awit 15:1–3; 24:3–4; 1 Ne. 15:33–34; Moi. 6:57.
*b* D at T 130:7. gbk Buhay na Walang Hanggan.
63*a* D at T 88:96–98. gbk Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
*b* Mat. 24:30.
*c* D at T 58:22. gbk Jesucristo—Paghaharing milenyal ni Cristo.
64*a* Apoc. 20:6.
65*a* gbk Pagkabuhay na Mag-uli.
66*a* Is. 24:23; Heb. 12:22–24; Apoc. 14:1; D at T 84:2; 133:56.
*b* gbk Sion.
67*a* D at T 45:9–12.
*b* Heb. 12:23; D at T 76:53–54. gbk Panganay.
68*a* gbk Aklat ng Buhay.
*b* gbk Jesucristo—Hukom.
69*a* D at T 129:3; 138:12.
*b* Moro. 10:32–33.
*c* gbk Bago at Walang Hanggang Tipan.
*d* gbk Bayad-sala, Pagbabayad-sala.
*e* gbk Dugo.
70*a* D at T 88:28–29; 131:1–4; 137:7–10. gbk Kaluwalhatiang Selestiyal.
*b* D at T 137:1–4.
*c* Mat. 13:43.
71*a* D at T 88:30. gbk Kaluwalhatiang Terestriyal.
*b* 1 Cor. 15:40–41.
72*a* D at T 137:7, 9.
*b* gbk Batas.

[a]espiritu ng tao na [b]nakabilang-
go, na dinalaw ng Anak, at [c]na-
ngaral ng [d]ebanghelyo sa kani-
la, upang sila ay mahatulan
alinsunod sa mga tao sa laman;
74 Na hindi tumanggap ng
[a]patotoo ni Jesus sa laman, suba-
lit pagkaraan ay tinanggap ito.
75 Sila ang mga yaong mara-
rangal na tao sa lupa, na nabu-
lag ng panlilinlang ng mga tao.
76 Sila ang mga yaong tumang-
gap ng kanyang kaluwalhatian,
subalit hindi ng kanyang kaga-
napan.
77 Sila ang mga yaong tumang-
gap sa Anak, subalit hindi ng
kaganapan ng Ama.
78 Dahil dito, sila ang mga
[a]katawang terestriyal, at hindi
katawang selestiyal, at naiiba
sa kaluwalhatian gaya ng pag-
kakaiba ng buwan sa araw.
79 Sila ang mga yaong hindi
[a]matatatag sa pagpapatotoo kay
Jesus, dahil dito, hindi nila na-
tamo ang putong ng kaharian
ng ating Diyos.
80 At ngayon ito ang katapusan
ng pangitain na aming nakita sa
terestriyal, na iniutos sa aming
isulat ng Panginoon habang
kami ay napasa Espiritu pa.
81 At muli, aming nakita ang
kaluwalhatian ng [a]telestiyal, na
ang kaluwalhatian ay mas ma-
baba, maging gaya ng kaluwal-
hatian ng mga bituin ay naiiba
sa kaluwalhatian ng buwan sa
kalangitan.
82 Sila ang mga yaong hindi
tumanggap ng ebanghelyo ni
Cristo, ni ng [a]patotoo ni Jesus.
83 Sila ang mga yaong hindi
nagtakwil ng Banal na Espiritu.
84 Sila ang mga yaong ihuhu-
log sa [a]impiyerno.
85 Sila ang mga yaong hindi
matutubos mula sa [a]diyablo
hanggang sa huling [b]pagkabu-
hay na mag-uli, hanggang ang
Panginoon, maging si Cristo
ang [c]Kordero, ay matapos sa
kanyang gawain.
86 Sila ang mga yaong hindi
tumanggap ng kanyang kagana-
pan sa walang hanggang daig-
dig, subalit ng Banal na Espiritu
sa pamamagitan ng pagliling-
kod ng terestriyal;
87 At ang terestriyal sa pama-
magitan ng [a]paglilingkod ng
selestiyal.
88 At gayon din ang telestiyal
ay matatanggap ito sa pamama-
gitan ng paglilingkod ng mga
anghel na itinalagang magling-
kod para sa kanila, o na siyang
itinalaga na maging mga espi-
ritung naglilingkod para sa ka-
nila; sapagkat sila ay magiging
tagapagmana ng kaligtasan.

73*a* Alma 40:11–14. GBK Espiritu.
*b* D at T 88:99; 138:8. GBK Impiyerno; Kaligtasan para sa mga Patay.
*c* 1 Ped. 3:19–20; 4:6; D at T 138:28–37.
*d* GBK Ebanghelyo.
74*a* GBK Patotoo.
78*a* 1 Cor. 15:40–42.
79*a* D at T 56:16.
81*a* D at T 88:31. GBK Kaluwalhatiang Telestiyal.
82*a* D at T 138:21.
84*a* 2 Ne. 9:12; Alma 12:11. GBK Impiyerno.
85*a* GBK Diyablo.
*b* Alma 11:41; D at T 43:18; 88:100–101.
*c* GBK Kordero ng Diyos.
87*a* D at T 138:37.

89 At sa ganito aming nakita,
sa makalangit na pangitain, ang
kaluwalhatian ng telestiyal, na
walang maaaring makaunawa.
90 At walang sinuman ang
makauunawa nito maliban sa
kanya kung kanino ito ipinaha-
yag ng Diyos.
91 At sa ganito nakita namin
ang kaluwalhatian ng terestri-
yal na nakahihigit sa lahat ng
bagay sa kaluwalhatian ng te-
lestiyal, maging sa kaluwalha-
tian, at sa kapangyarihan, at sa
lakas, at sa nasasakupan.
92 At sa ganito nakita namin
ang kaluwalhatian ng selestiyal,
na nakahihigit sa lahat ng ba-
gay—kung saan ang Diyos,
maging ang Ama, ay naghahari
sa kanyang luklukan magpaka-
ilanman at walang katapusan;
93 Sa harapan ng kanyang
luklukan lahat ng bagay ay
yumuyukod sa mapagpakum-
babang [a]pagpipitagan, at nag-
bibigay sa kanya ng kaluwalha-
tian magpakailanman at walang
katapusan.
94 Sila na nananahanan sa kan-
yang [a]kinaroroonan ay simba-
han ng [b]Panganay; at kanilang
nakikita ang gaya ng pagkaka-
kita sa kanila, at [c]nakaaalam
gaya ng pagkakaalam sa kani-
la, makaraang matanggap ang
kanyang kaganapan at ang kan-
yang [d]biyaya;
95 At kanya silang ginawang
[a]pantay-pantay sa kapangyari-
han, at sa lakas, at nasasakupan.
96 At iba ang kaluwalhatian ng
selestiyal, maging gaya ng ka-
luwalhatian ng [a]araw ay iba.
97 At ang kaluwalhatian ng te-
restriyal ay iba, maging gaya ng
kaluwalhatian ng buwan ay iba.
98 At ang kaluwalhatian ng te-
lestiyal ay iba, maging gaya ng
kaluwalhatian ng mga bituin ay
iba; sapagkat gaya ng pagkaka-
iba ng isang bituin mula sa isa
pang bituin sa kaluwalhatian,
gayon din ang pagkakaiba ng
isa sa isa pa sa kaluwalhatian
sa telestiyal na daigdig;
99 Sapagkat sila ang mga ya-
ong kay [a]Pablo, at kay Apollos,
at kay Cephas.
100 Sila ang mga yaong nag-
sasabi na sila ay sa isa at ang
iba ay sa isa pa—ang iba kay
Cristo at ang iba kay Juan at
ang iba kay Moises, at ang iba
kay Elias, at ang iba kay Esaias,
at ang iba kay Isaias, at ang iba
kay Enoc;
101 Subalit hindi tinanggap
ang ebanghelyo, ni ang patotoo
ni Jesus, ni ang mga propeta, ni
ang [a]walang hanggang tipan.
102 Ang pinakahuli sa lahat,
silang lahat ang yaong hindi ti-
tipunin kasama ng mga banal,
na [a]isasama sa [b]simbahan ng
Panganay, at tatanggapin sa
alapaap.
103 Sila ang mga [a]yaong [b]sinu-

93*a* GBK Paggalang.
94*a* D at T 130:7.
*b* GBK Panganay.
*c* 1 Cor. 13:12.
*d* GBK Biyaya.
95*a* D at T 29:13; 78:5–7; 84:38; 88:107; 132:20.
96*a* 1 Cor. 15:40–41.
99*a* 1 Cor. 3:4–7, 22.
101*a* GBK Bago at Walang Hanggang Tipan.
102*a* 1 Tes. 4:16–17; D at T 88:96–98.
*b* D at T 78:21.
103*a* Apoc. 21:8; D at T 63:17–18.
*b* GBK Pagsisinungaling.

ngaling, at mga manggagaway,
at mga [c]nakikiapid, at mga patu-
tot, at sinumang nagmamahal at
gumagawa ng kasinungalingan.
104 Sila ang mga yaong mag-
daranas ng [a]poot ng Diyos sa
mundo.
105 Sila ang mga yaong mag-
daranas ng [a]paghihiganti ng
apoy na walang hanggan.
106 Sila ang mga yaong ihu-
hulog sa [a]impiyerno at [b]magda-
ranas ng poot ng [c]Pinakamaka-
pangyarihang Diyos, hanggang
sa [d]kaganapan ng panahon, ka-
pag [e]nadaig nang lahat ni Cristo
ang lahat ng kaaway sa ilalim ng
kanyang mga paa, at nagawang
[f]ganap ang kanyang gawain;
107 Kapag kanyang naipagka-
loob ang kaharian, at naipaki-
ta ito sa Ama, walang bahid-
dungis, sinasabing: Aking nada-
ig at [a]tinapakang mag-isa ang
[b]pisaan ng ubas, maging ang
pisaan ng ubas ng kabangisan
ng poot ng Diyos na Pinakama-
kapangyarihan.
108 Pagkatapos siya ay pupu-
tungan ng kanyang kaluwal-
hatian, upang umupo sa [a]luklu-
kan ng kanyang kapangyarihan
upang maghari magpakailan-
man at walang katapusan.
109 Subalit masdan, at narito,
aming nakita ang kaluwalhatian
at ang mga naninirahan sa teles-
tiyal na daigdig, na sila ay hindi
mabilang gaya ng mga bituin
sa kalawakan ng langit, o gaya
ng buhangin sa dalampasigan;
110 At narinig ang tinig ng Pa-
nginoon sinasabing: Ang lahat
ng ito ay luluhod, at ang bawat
dila ay [a]magtatapat sa kanya na
nakaupo sa luklukan magpaka-
ilanman at walang katapusan;
111 Sapagkat sila ay hahatu-
lan alinsunod sa kanilang mga
gawa, at ang bawat tao ay ma-
katatanggap alinsunod sa kan-
yang mga sariling [a]gawa, sa
kanyang sariling nasasakupan,
sa mga [b]mansiyong inihanda;
112 At sila ang mga magiging
tagapaglingkod ng Kataas-
taasan; subalit kung [a]saan ang
Diyos at si Cristo ay [b]nanana-
hanan hindi sila makapароro-
on, mga daigdig na walang ka-
tapusan.
113 Ito ang katapusan ng pa-
ngitain na aming nakita, na
inutusan kaming isulat habang
kami ay napasa Espiritu pa.
114 Subalit [a]dakila at kagila-
gilalas ang mga gawain ng Pa-
nginoon, at ang mga [b]hiwaga
ng kanyang kaharian na ipina-
kita niya sa amin, na humihigit
sa lahat ng pang-unawa sa ka-
luwalhatian, at sa lakas at sa
pamamahala;
115 Na kanyang ipinag-utos

103*c* GBK Pakikiapid.
104*a* GBK Kapahamakan.
105*a* Jud. 1:7.
106*a* GBK Impiyerno.
*b* D at T 19:3–20.
*c* D at T 87:6.
*d* Ef. 1:10.
*e* 1 Cor. 15:24–28.
*f* Heb. 10:14.
107*a* Apoc. 19:15; D at T 88:106; 133:46–53.
*b* Gen. 49:10–12; Is. 63:1–3.
108*a* D at T 137:3.
110*a* Fil. 2:9–11; Mos. 27:31.
111*a* Apoc. 20:12–13. GBK Gawa, Mga.
*b* Juan 14:2; D at T 59:2; 81:6.
112*a* D at T 29:29.
*b* Apoc. 21:23–27.
114*a* Apoc. 15:3; Morm. 9:16–18; Moi. 1:3–5.
*b* Jac. 4:8.

sa amin na hindi namin nararapat isulat habang kami ay napasa Espiritu pa, at hindi [a]nararapat sabihin ng tao;
116 Ni ang tao ay may [a]kakayahang ipahayag ang mga ito, sapagkat ang mga ito ay maaari lamang makita at [b]maunawaan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu na ipinagkaloob ng Diyos sa mga yaong nagmamahal sa kanya, at nilinis ang kanilang sarili sa harapan niya;
117 Na kung kanino ipinagkaloob niya ang karapatang ito na makakita at makaalam para sa kanilang sarili;
118 Na sa pamamagitan ng kapangyarihan at pagpapahayag ng Espiritu habang nasa laman, sila ay maaaring makatagal sa kanyang harapan sa daigdig ng kaluwalhatian.
119 At sa Diyos at sa Kordero ay kaluwalhatian, at karangalan at pamamahala magpakailanman at walang katapusan. Amen.

## BAHAGI 77

*Paghahayag na ibinigay kay Joseph Smith, ang Propeta, sa Hiram, Ohio, Marso 1832 (*History of the Church, *1:253–255). Isinulat ng Propeta, "Kaugnay sa pagsasalin ng mga Banal na Kasulatan, tinanggap ko ang mga sumusunod na paliwanag sa Apocalipsis ni San Juan" (*History of the Church, *1:253).*

*1–4, Ang mga hayop ay may espiritu at mananahan sa walang hanggang kaligayahan sa walang kamatayang mundo; 5–7, Ang mundong ito ay may panandalian lamang na buhay na 7,000 taon; 8–10, Iba't ibang anghel ang nagpanumbalik ng ebanghelyo at naglingkod sa mundo; 11, Ang pagtatatak sa 144,000; 12–14, Paparito si Cristo sa pasimula ng ikapitong libong taon; 15, Dalawang propeta ang ibabangon sa bayan ng mga Judio.*

TANONG—Ano ang [a]dagat na salamin na binanggit ni Juan, sa ika-4 na kabanata, at ika-6 na talata ng Apocalipsis?
Sagot—Ito ang [b]mundo, sa kanyang banal, walang kamatayan, at [c]walang hanggang kalagayan.
2 Tanong—Anu-ano ang ating dapat maunawaan ukol sa apat na hayop, na binanggit sa talata ring ito?
Sagot—Ang mga yaon ay mga [a]matalinghagang pagpapaha-

115*a* 2 Cor. 12:4.
116*a* 3 Ne. 17:15–17; 19:32–34.
*b* 1 Cor. 2:10–12.
**77** 1*a* D at T 130:6–9.
*b* D at T 88:17–20, 25–26.
*c* GBK Mundo—Huling kalagayan ng mundo; Kaluwalhatiang Selestiyal.
2*a* GBK Pagsagisag.

yag na ginamit ng Tagapaghayag, na si Juan, sa paglalarawan ng [b]langit, ng [c]paraiso ng Diyos, ng [d]kaligayahan ng tao, at ng mga hayop, at ng mga gumagapang na hayop; at ng mga ibon ng himpapawid; na siyang espirituwal sa anyo ng yaong temporal; at yaong temporal sa anyo ng yaong espirituwal; ang [e]espiritu ng tao sa anyo ng kanyang katauhan, at gayun din ang espiritu ng [f]hayop, at ng lahat ng iba pang kinapal na nilalang ng Diyos.

3 Tanong—Ang apat na hayop ba ay nauukol lamang sa isa-isang uri ng hayop o sila ba ay kumakatawan sa mga uri o angkan?

Sagot—Sila ay nauukol lamang sa apat na uri ng hayop, na ipinakita kay Juan, upang kumatawan sa kaluwalhatian ng mga uri ng kinapal sa kanilang kinabibilangang angkan o [a]kalagayan ng paglikha, sa pagtatamasa ng kanilang walang hanggang [b]kaligayahan.

4 Tanong—Ano ang ating dapat maunawaan sa mga mata at pakpak, na mayroon ang mga hayop?

Sagot—Ang kanilang mga mata ay kumakatawan sa ilaw at [a]kaalaman, o kaya nga, sila ay puno ng kaalaman; at ang kanilang mga pakpak ay kumakatawan sa [b]kapangyarihan, na gumalaw, kumilos, atbp.

5 Tanong—Ano ang ating dapat maunawaan sa apat at dalawampung [a]elder, na binanggit ni Juan?

Sagot—Ating dapat maunawaan na ang mga elder na ito na nakita ni Juan, ay mga elder na naging [b]matatapat sa gawain ng ministeryo at mga patay na; na nabibilang sa [c]pitong simbahan, at nasa paraiso na ng Diyos.

6 Tanong—Ano ang ating dapat maunawaan sa aklat na nakita ni Juan, na [a]tinatakan sa likod ng pitong tatak?

Sagot—Ating dapat na maunawaan na naglalaman ito ng mga ipinahayag na kalooban, [b]hiwaga, at gawain ng Diyos; ang mga natatagong bagay ng kanyang pamamahala na nauukol sa [c]mundong ito sa loob ng pitong libong taon ng pagpapatuloy nito, o ang panandaliang pananatili nito.

7 Tanong—Ano ang ating dapat maunawaan sa pitong tatak na siyang itinatak dito?

Sagot—Ating dapat maunawaan na ang unang tatak ay naglalaman ng mga bagay ng [a]unang isanlibong taon, at ang pangalawa rin ng ikalawang isanlibong taon, at hanggang sa ikapito.

8 Tanong—Ano ang ating dapat maunawaan sa apat na anghel, na binanggit sa ika-7 kaba-

2*b* GBK Langit.
*c* GBK Paraiso.
*d* GBK Kagalakan.
*e* Eter 3:15–16; Abr. 5:7–8. GBK Espiritu.
*f* Moi. 3:19.
3*a* D at T 93:30; Moi. 3:9.
*b* D at T 93:33–34.
4*a* GBK Kaalaman.
*b* GBK Kapangyarihan.
5*a* Apoc. 4:4, 10.
*b* Apoc. 14:4–5.
*c* Apoc. 1:4.
6*a* Apoc. 5:1.
*b* GBK Hiwaga ng Diyos, Mga.
*c* GBK Mundo.
7*a* D at T 88:108–110.

nata at unang talata ng Apocalipsis?

Sagot—Ating dapat na maunawaan na sila ay apat na anghel na isinugo mula sa Diyos, kung kanino ibinigay ang kapangyarihan sa apat na bahagi ng mundo, upang magligtas ng buhay at magwasak; sila ang mga yaon na may [a]walang hanggang ebanghelyo upang ipagkatiwala sa bawat bansa, lahi, wika, at tao, na may kapangyarihan na ipinid ang kalangitan, upang pagbuklurin sa buhay, o ibulid sa mga [b]pook ng kadiliman.

9 Tanong—Ano ang ating dapat maunawaan sa anghel na umaakyat sa silangan, Apocalipsis ika-7 kabanata at ika-2 talata?

Sagot—Ating dapat maunawaan na ang anghel na umaakyat sa silangan ang siyang pinagkalooban ng tatak ng buhay na Diyos sa labindalawang lipi ni [a]Israel; dahil dito, siya ay sumisigaw sa apat na anghel na nagtataglay ng walang hanggang ebanghelyo, sinasabing: Huwag ninyong ipahamak ang lupa, ni ang dagat, kahit ang mga punungkahoy, hanggang sa ating matatakan ang mga tagapaglingkod ng Diyos sa kanilang mga [b]noo. At, kung ito ay iyong tatanggapin, ito ay si [c]Elias na siyang darating upang magkakasamang tipunin ang mga lipi ni Israel at [d]mapanumbalik ang lahat ng bagay.

10 Tanong—Anong panahon maisasakatuparan ang mga bagay na binanggit sa kabanatang ito?

Sagot—Ang mga ito ay maisasakatuparan sa [a]ikaanim na libong taon, o sa pagbubukas ng ikaanim na tatak.

11 Tanong—Ano ang ating dapat maunawaan sa pagtatatak sa [a]isandaan at apatnapu't apat na libo, mula sa lahat ng lipi ni Israel—labindalawang libo mula sa bawat lipi?

Sagot—Ating dapat maunawaan na yaong mga natatakan ay [b]matataas na saserdote, inordenan sa banal na orden ng Diyos, upang pamahalaan ang walang hanggang ebanghelyo; dahil sa sila ang yaong mga inordenan mula sa bawat bansa, lahi, wika, at tao, sa pamamagitan ng mga anghel na siyang pinagkalooban ng kapangyarihan sa mga bansa sa lupa, upang makapagdala ng mga nagnanais na magtungo sa simbahan ng [c]Panganay.

12 Tanong—Ano ang dapat nating maunawaan sa pagtunog ng [a]pakakak, na binanggit sa ika-8 kabanata ng Apocalipsis?

Sagot—Ating dapat maunawaan na yayamang ginawa ng

8*a* Apoc. 14:6–7.
*b* Mat. 8:11–12; 22:1–14; D at T 133:71–73.
9*a* Apoc. 7:4–8.
*b* Ez. 9:4.
*c* GBK Elias.
*d* GBK Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo.
10*a* Apoc. 6:12–17.
11*a* Apoc. 14:3–5.
*b* GBK Mataas na Saserdote.
*c* D at T 76:51–70. GBK Panganay.
12*a* Apoc. 8:2.

Diyos ang daigdig sa loob ng
anim na araw, at sa ikapitong
araw kanyang tinapos ang kan-
yang gawain, at [b]pinabanal
ito, at nilalang din ang tao
mula sa [c]alabok ng lupa, gaya
ng, sa pasimula ng ikapitong
libong taon [d]pababanalin ng
Panginoong Diyos ang lupa, at
lulubusin ang kaligtasan ng
tao, at [e]hahatulan ang lahat
ng bagay, at [f]tutubusin ang la-
hat ng bagay, maliban sa mga
yaong kanyang hindi inilagay
sa ilalim ng kanyang kapang-
yarihan, kapag kanyang nata-
takan ang lahat ng bagay,
hanggang sa katapusan ng la-
hat ng bagay; at ang pagtunog
ng mga pakakak ng pitong
anghel ay paghahanda at pag-
tatapos ng kanyang gawain, sa
pasimula ng ikapitong libong
taon—ang paghahanda ng
daan bago ang oras ng kan-
yang pagparito.
13 Tanong—Kailan maisasa-
katuparan ang mga bagay, na
nasusulat sa ika-9 na kabanata
ng Apocalipsis?
Sagot—Ang mga yaon ay ma-
isasakatuparan pagkatapos ng
pagbubukas ng ikapitong tatak,
bago ang pagparito ni Cristo.
14 Tanong—Ano ang dapat
nating maunawaan sa maliit na
aklat na [a]kinain ni Juan, na bi-
nanggit sa ika-10 kabanata ng
Apocalipsis?
Sagot—Ating dapat na mau-
nawaan na ito ay misyon, at or-
denansa, para sa kanya upang
[b]tipunin ang mga lipi ni Israel;
masdan, ito ay si Elias, na, si-
yang gaya ng nasusulat, ay ka-
ilangang dumating at [c]panum-
balikin ang lahat ng bagay.
15 Tanong—Ano ang dapat
nating maunawaan sa dala-
wang [a]saksi, sa ikalabing-isang
kabanata ng Apocalipsis?
Sagot—Sila ang dalawang
propeta na babangon sa bansa
ng [b]Judio sa mga [c]huling araw,
sa panahon ng [d]pagpapanum-
balik, at magpopropesiya sa
mga Judio matapos silang mati-
pon at naitayo ang bayan ng Je-
rusalem sa [e]lupain ng kanilang
mga ama.

## BAHAGI 78

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Hiram, Ohio, Marso 1832 (*History of the Church, *1:255–257). Ang utos na ibinigay ng Panginoon kay Joseph Smith para sa layuning maipatayo ang isang kamalig para sa mga maralita. Hindi tuwinang kasiya-siya na ang pagkakakilanlan ng bawat isa na tinutukoy ng Pa-*

12*b* Gen. 2:1–3; Ex. 20:11; 31:12–17; Mos. 13:16–19; Moi. 3:1–3; Abr. 5:1–3.
*c* Gen. 2:7.
*d* D at T 88:17–20.
*e* GBK Jesucristo—Hukom.
*f* GBK Tubos, Tinubos, Pagtubos.
14*a* Ez. 2:9–10; 3:1–4; Apoc. 10:10.
*b* GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
*c* Mat. 17:11.
15*a* Apoc. 11:1–14.
*b* GBK Judio, Mga.
*c* GBK Huling Araw, Mga.
*d* GBK Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo.
*e* Amos 9:14–15.

*nginoon sa mga paghahayag ay dapat malaman ng sanlibutan; dahil dito, sa paglalathala nito at ng ilan pang kasunod na mga paghahayag ang mga lalaking kasapi ay tinukoy sa hindi nila sariling mga pangalan. Nang ang pag-iingat sa mga tunay na pangalan ng mga taong ito ay hindi na kinakailangan, ang kanilang mga tunay na pangalan ay ibinigay mula noon sa panaklong. Yayamang walang umiiral na napakahalagang pangangailangan ngayon upang ipagpatuloy ang pag-iiba ng mga pangalan, ang mga tunay na pangalan lamang ang ginagamit ngayon dito tulad ng ibinigay sa orihinal na manuskrito.*

*1–4, Ang mga Banal ay dapat na magtayo at magtatag ng kamalig; 5–12, Ang matalinong paggamit ng kanilang mga ari-arian ay magaakay sa kaligtasan; 13–14, Ang Simbahan ay dapat na maging malaya sa mga makamundong kapangyarihan; 15–16, Si Miguel (Adan) ay naglilingkod sa ilalim ng kapangyarihan ng Banal (Cristo); 17–22, Pinagpala ang matatapat, sapagkat kanilang mamanahin ang lahat ng bagay.*

ANG Panginoon ay nangusap kay Joseph Smith, Jun., sinasabing: Makinig sa akin, wika ng Panginoon ninyong Diyos, sa mga yaong inordenan sa [a]mataas na pagkasaserdote ng aking simbahan, na tinipon nang sama-sama;
2 At makinig sa [a]payo niya na [b]nag-orden sa inyo mula sa kaitaasan, na mangungusap sa inyong mga tainga ng mga salita ng karunungan, nang ang kaligtasan ay mapasainyo tungkol sa bagay na inyong iniharap sa akin, wika ng Panginoong Diyos.
3 Sapagkat katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang panahon ay dumating na, at ngayon ay nalalapit na; at masdan, at narito, talagang kinakailangan na magkaroon ng [a]samahan ng aking mga tao, para sa pagsasaayos at pagtatatag ng mga bagay-bagay ng [b]kamalig para sa mga [c]maralita ng aking mga tao, kapwa sa lugar na ito at sa lupain ng [d]Sion—
4 Para sa isang palagian at walang hanggang pagkakatatag at kaayusan sa aking simbahan, upang isulong ang adhikain, na inyong niyakap, para sa kaligtasan ng tao, at sa kaluwalhatian ng inyong Ama na nasa langit;
5 Upang kayo ay maging [a]pantay sa mga bigkis ng mga bagay na makalangit, oo, at mga bagay rin sa lupa, para sa pagkakamit ng mga bagay na makalangit.
6 Sapagkat kung kayo ay hindi pantay sa mga bagay sa lupa hindi kayo magiging pantay sa pagkamit ng mga bagay na makalangit;
7 Sapagkat kung inyong nana-

**78** 1*a* GBK Pagkasaserdoteng Melquisedec.
2*a* GBK Payo.
*b* GBK Ordenan, Pag-oorden.
3*a* D at T 82:11–12, 15–21.
*b* D at T 72:9–10; 83:5–6.
*c* D at T 42:30–31. GBK Kapakanan.
*d* D at T 57:1–2.
5*a* D at T 49:20. GBK Paglalaan, Batas ng Paglalaan.

isin na bigyan ko kayo ng isang
lugar sa [a]selestiyal na daigdig,
kailangan ninyong [b]ihanda ang
inyong sarili sa [c]paggawa ng
mga bagay na aking iniuutos sa
inyo at hinihingi sa inyo.
8 At ngayon, katotohanang
ganito ang wika ng Panginoon,
kinakailangan na ang lahat ng
bagay ay maisagawa para sa
aking [a]kaluwalhatian, sa pa-
mamagitan ninyo na nakiisa sa
[b]ordeng ito;
9 O, sa madaling salita, ang
aking tagapaglingkod na si
Newel K. Whitney at ang aking
tagapaglingkod na si Joseph
Smith, Jun., at ang aking taga-
paglingkod na si Sidney Rigdon
ay umupo sa kapulungan ng
mga banal na nasa Sion;
10 Kung hindi ay hahangarin
ni [a]Satanas na ilayo ang kani-
lang mga puso mula sa katoto-
hanan, upang sila ay maging
bulag at hindi nakauunawa sa
mga bagay na inihanda para sa
kanila.
11 Dahil dito, isang kautusan
ang ibinibigay ko sa inyo, upang
ihanda at isaayos ang inyong
sarili sa pamamagitan ng isang
bigkis o walang hanggang [a]ti-
pan na hindi masisira.
12 At siya na sisira nito ay ma-
aalis sa kanyang katungkulan
at katayuan sa simbahan, at ibi-
bigay sa mga [a]pananakit ni Sa-
tanas hanggang sa araw ng pag-
tubos.
13 Masdan, ito ang paghahan-
da kung saan ko kayo inihanda,
at ang saligan, at ang halimba-
wa na aking ibinigay sa inyo,
upang inyong matupad ang
mga kautusang ibinigay sa inyo;
14 Na sa pamamagitan ng aking
kalinga, sa kabila ng maraming
[a]kahirapan na pasasainyo, na
ang simbahan ay makatayong
malaya sa ibabaw ng lahat ng
iba pang mga nilalang sa ilalim
ng selestiyal na daigdig;
15 Upang kayo ay maging
karapat-dapat sa [a]putong ini-
handa para sa inyo, at gawing
mga [b]tagapamahala ng mara-
ming kaharian, wika ng Pa-
nginoong Diyos, Ang Banal ng
Sion, na nagtatag ng mga sali-
gan ng [c]Adan-ondi-Ahman;
16 Na nagtalaga kay [a]Miguel
na inyong prinsipe, at itinatag
ang kanyang mga paa, at inila-
gay siya sa kaitaasan, at ibini-
gay sa kanya ang mga susi ng
kaligtasan sa ilalim ng payo at
tagubilin ng Ang Banal, na wa-
lang pasimula ng mga araw o
katapusan ng buhay.
17 Katotohanan, katotohanan,
sinasabi ko sa inyo, kayo ay
maliliit na bata, at hindi pa nin-
yo nauunawaan kung gaano

7*a* GBK Kaluwalhatiang Selestiyal.
*b* D at T 29:8; 132:3.
*c* D at T 82:10.
8*a* Moi. 1:39.
*b* D at T 92:1.
10*a* GBK Diyablo.
11*a* GBK Tipan.
12*a* 1 Cor. 5:5; D at T 82:21; 104:8–10.
14*a* D at T 58:2–4.
15*a* GBK Putong; Kadakilaan.
*b* Apoc. 5:10; D at T 76:56–60; 132:19.
*c* GBK Adan-ondi-Ahman.
16*a* D at T 27:11; 107:54–55. GBK Adan.

kadakila ang mga pagpapala na mayroon ang Ama sa kanyang sariling mga kamay at inihanda para sa inyo;
18 At hindi ninyo [a]mababata ang lahat ng bagay ngayon; gayunpaman, magalak, sapagkat akin kayong [b]aakayin. Ang kaharian ay sa inyo at ang mga pagpapala nito ay sa inyo, at ang mga kayamanan ng [c]kawalang-hanggan ay sa inyo.
19 At siya na tumatanggap ng lahat ng bagay nang may [a]pasasalamat ay gagawing maluwalhati; at ang mga bagay sa mundong ito ay idaragdag sa kanya, maging [b]isandaang ulit, oo, higit pa.
20 Dahil dito, gawin ang mga bagay na aking iniutos sa inyo, wika ng inyong Manunubos, maging ang Anak na si [a]Ahman, na inihanda ang lahat ng bagay bago niya kayo [b]dinala;
21 Sapagkat kayo ang [a]simbahan ng Panganay, at kayo ay [b]dadalhin niya pataas sa alapaap, at itatakda sa bawat tao ang kanyang bahagi.
22 At siya na matapat at [a]matalinong [b]katiwala ay magmamana ng [c]lahat ng bagay. Amen.

## BAHAGI 79

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Hiram, Ohio, Marso 1832 (* History of the Church, *1:257).*

*1–4, Si Jared Carter ay tinawag na mangaral ng ebanghelyo sa pamamagitan ng Mang-aaliw.*

KATOTOHANANG sinasabi ko sa iyo, na ito ang aking kalooban na ang aking tagapaglingkod na si Jared Carter ay dapat muling magtungo sa mga bansa sa silangan, sa bawat lugar, at sa bawat lunsod, sa kapangyarihan ng [a]pag-oorden kung saan siya ay inordenan, nagpapahayag ng mabubuting balita ng malaking kagalakan, maging ang walang hanggang ebanghelyo.
2 At aking ipadadala sa kanya ang [a]Mang-aaliw, na magtuturo sa kanya ng katotohanan at ng daan saan man siya magtutungo;
3 At habang siya ay matapat, siya ay aking muling puputungan ng mga bigkis.
4 Kaya nga, magalak ang iyong puso, aking tagapaglingkod na Jared Carter, at huwag [a]matakot, wika ng iyong Panginoon, maging si Jesucristo. Amen.

18*a* Juan 16:12; 3 Ne. 17:2–3; D at T 50:40.
*b* D at T 112:10.
*c* GBK Buhay na Walang Hanggan.
19*a* Mos. 2:20–21. GBK Salamat, Nagpapasalamat, Pasasalamat.
*b* Mat. 19:29.
20*a* D at T 95:17.
*b* 1 Tes. 4:17.
21*a* D at T 76:53–54.
*b* D at T 88:96–98.
22*a* D at T 72:3–4.
*b* GBK Katiwala, Ipinagkatiwala.
*c* D at T 84:38.
**79** 1*a* D at T 52:38. GBK Ordenan, Pag-oorden.
2*a* Juan 14:26. GBK Mang-aaliw.
4*a* D at T 68:5–6.

## BAHAGI 80

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Hiram, Ohio, Marso 1832 (* History of the Church, *1:257).*

*1–5, Sina Stephen Burnett at Eden Smith ay tinawag na mangaral sa alinmang lugar nila piliin.*

KATOTOHANAN, ganito ang
wika ng Panginoon sa iyo
na aking tagapaglingkod na si
Stephen Burnett: Humayo ka,
Humayo ka sa sanlibutan at
[a]ipangaral ang ebanghelyo sa
bawat nilalang na lumalapit sa
ilalim ng tunog ng iyong tinig.
2 At yayamang ninanais mo
ng isang kasama, ibibigay ko sa
iyo ang aking tagapaglingkod
na si Eden Smith.
3 Dahil dito, magsihayo kayo
at ipangaral ang aking ebang-
helyo, maging sa hilaga o sa
timog, sa silangan o sa kanlu-
ran, hindi ito mahalaga, sapag-
kat kayo ay hindi maaaring
malihis.
4 Kaya nga, ipahayag ang mga
bagay na inyong narinig, at tu-
nay na pinaniwalaan, at [a]alam
na totoo.
5 Masdan, ito ang kalooban
niya na [a]tumawag sa inyo, ang
inyong Manunubos, maging si
Jesucristo. Amen.

## BAHAGI 81

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Hiram, Ohio, Marso 1832 (* History of the Church, *1:257–258). Si Frederick G. Williams ay tinawag na maging isang mataas na saserdote at tagapayo sa Panguluhan ng Mataas na Pagkasaserdote. Ang mga makasaysayang talaan ay nagpapakita na nang matanggap ang paghahayag na ito noong Marso 1832, tinawag si Jesse Gause sa katungkulan na tagapayo kay Joseph Smith sa Panguluhan. Gayunpaman, nang siya ay nagpabayang magpatuloy sa paraang naaayon sa pagkakatalagang ito, ang tawag ay nalipat kay Frederick G. Williams sa dakong huli. Ang paghahayag (petsang Marso 1832) ay dapat na ituring na hakbang tungo sa pormal na pagtatatag ng Unang Panguluhan, tiyakang pagtawag para sa katungkulan ng tagapayo sa pangkat na iyon at ipinaliliwanag ang kahalagahan ng pagkakahirang. Si Kapatid na Gause ay pansamantalang naglingkod subalit itiniwalag sa Simbahan noong Disyembre 1832. Si Kapatid na Williams ay inordenan sa binanggit na katungkulan noong ika-18 ng Marso 1833.*

*1–2, Ang mga susi ng kaharian ay tuwinang hawak ng Unang Panguluhan; 3–7, Kung si Frederick G. Williams ay matapat sa kanyang*

**80** 1*a* Mar. 16:15.
4*a* GBK Patotoo.
5*a* GBK Tawag, Tinawag ng Diyos, Pagkakatawag.

*ministeryo, siya ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan.*

KATOTOHANAN, katotohanan, sinasabi ko sa iyo aking tagapaglingkod na Frederick G. Williams: Makinig sa tinig niya na nangungusap, sa salita ng Panginoon mong Diyos, at pakinggan ang tawag kung saan ikaw ay tinawag, maging isang [a]mataas na saserdote man sa aking simbahan, at tagapayo sa aking tagapaglingkod na si Joseph Smith, Jun.;

2 Kung kanino ko ibinigay ang mga [a]susi ng kaharian, na tuwinang nasa sa [b]Panguluhan ng Mataas na Pagkasaserdote:

3 Samakatwid, katotohanang kinikilala ko siya at pagpapalain siya, at gayon din ikaw, yayamang ikaw ay matapat sa payo, sa katungkulang aking itinakda sa iyo, manalangin tuwina, isinasatinig at sa iyong puso, sa madla at sa pansarili, gayon din sa iyong ministeryo sa pagpapahayag ng ebanghelyo sa lupain ng mga buhay, at sa iyong mga kapatid.

4 At sa paggawa ng mga bagay na ito ginagawa mo ang higit na mabuti sa iyong kapwa tao, at itinataguyod ang [a]kaluwalhatian niya na iyong Panginoon.

5 Dahil dito, maging matapat; tumayo sa katungkulang aking itinalaga sa iyo; [a]tulungan ang mahihina, itaas ang mga kamay na nakababa, at [b]palakasin ang tuhod na [c]mahihina.

6 At kung ikaw ay matapat hanggang sa huli ikaw ay magkakaroon ng putong ng [a]kawalang-kamatayan, at buhay na [b]walang hanggan sa mga [c]mansiyong aking inihanda sa bahay ng aking Ama.

7 Masdan, at narito, ito ang mga salita ng Alpha at Omega, maging si Jesucristo. Amen.

## BAHAGI 82

*Paghahayag na ibinigay kay Joseph Smith, ang Propeta, sa Jackson County, Missouri, ika-26 ng Abril 1832 (*History of the Church, *1:267–269). Ang pangyayari ay isang pangkalahatang pagpupulong ng Simbahan kung saan si Joseph Smith, ang Propeta, ay itinaguyod bilang Pangulo ng Mataas na Pagkasaserdote, na kung saang katungkulan siya ay dating inordenan sa isang kapulungan ng matataas na saserdote, elder, at kasapi, sa Amherst, Ohio, ika-25 ng Enero 1832 (tingnan sa ulo ng bahagi 75). Dati-rati hindi mga pangkaraniwang pangalan ang gina-*

**81** 1*a* GBK Mataas na Saserdote.
2*a* GBK Susi ng Pagkasaserdote, Mga.
*b* D at T 107:8–9, 22. GBK Unang Panguluhan.
4*a* Moi. 1:39.
5*a* Mos. 4:15–16.
*b* D at T 108:7.
*c* Is. 35:3.
6*a* GBK Kawalang-kamatayan, Walang Kamatayan.
*b* GBK Buhay na Walang Hanggan; Kadakilaan.
*c* Juan 14:2–3; D at T 59:2; 106:8.

*mit sa paglalathala ng paghahayag na ito upang maitago ang pagkakakilanlan ng mga taong binanggit (tingnan sa ulo ng bahagi 78).*

*1–4, Kung marami ang ibinigay, marami ang hihingin; 5–7, Ang kadiliman ay naghahari sa daigdig; 8–13, Ang Panginoon ay nakatali kapag ginawa natin ang kanyang sinasabi; 14–18, Ang Sion ay kinakailangang maragdagan sa kagandahan at kabanalan; 19–24, Bawat tao ay dapat hangarin ang kapakanan ng kanyang kapwa.*

KATOTOHANAN, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, aking mga tagapaglingkod, na yayamang [a]pinatatawad ninyo ang isa't isa sa inyong mga kasalanan, maging ako, ang Panginoon, ay pinatatawad kayo.
2 Gayunman, mayroon sa inyo na labis na nagkasala; oo, maging [a]lahat kayo ay nagkasala; subalit katotohanang sinasabi ko sa inyo, mag-ingat magmula ngayon, at tumigil sa paggawa ng kasalanan, kung hindi, mga matinding paghatol ang babagsak sa inyong ulo.
3 Sapagkat sa kanya na siyang binigyan ng [a]marami ay marami ang [b]hihingin; at siya na [c]nagkasala laban sa mas dakilang [d]liwanag ay tatanggap ng mas malaking kaparusahan.
4 Tinawag ninyo ang aking pangalan para sa mga [a]paghahayag, at ibinigay ko ang mga ito sa inyo; at yayamang hindi ninyo sinunod ang aking mga sinabi, na aking ibinigay sa inyo, kayo ay naging mga manlalabag; at [b]katarungan at kahatulan ang mga kaparusahan na nakakapit sa aking batas.
5 Samakatwid, anuman ang aking sabihin sa isa sinasabi ko sa lahat: [a]Magbantay, sapagkat pinalalaganap ng [b]kaaway ang kanyang nasasakupan, at ang [c]kadiliman ay naghahari;
6 At ang galit ng Diyos ay nagsiklab laban sa mga naninirahan sa mundo; at walang gumagawa ng mabuti, sapagkat ang lahat ay nalihis ng [a]landas.
7 At ngayon, katotohanang sinasabi ko sa inyo, ako, ang Panginoon, ay hindi maglalagay ng anumang [a]kasalanan sa inyong pananagutan; humayo kayo sa inyong mga lakad at huwag magkasala pa; subalit sa yaong tao na nagkasala ay mababalik ang [b]dating kasalanan, wika ng Panginoon ninyong Diyos.
8 At muli, sinasabi ko sa inyo, ibinibigay ko sa inyo ang isang

**82** 1*a* Mat. 6:14–15; D at T 64:9–11.
2*a* Rom. 3:23.
3*a* Lu. 12:48; Sant. 4:17. GBK Mananagot, Pananagutan, May Pananagutan.
*b* GBK Katiwala, Ipinagkatiwala.
*c* GBK Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan; Kasalanan.
*d* Juan 15:22–24. GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo.
4*a* GBK Paghahayag.
*b* GBK Katarungan.
5*a* GBK Magbantay, Mga Tagabantay.
*b* GBK Diyablo.
*c* GBK Kadiliman, Espirituwal na.
6*a* Rom. 3:12; D at T 1:16.
7*a* GBK Kasalanan.
*b* D at T 1:32–33; 58:43.

[a]bagong kautusan, upang in-
yong maunawaan ang aking
kalooban hinggil sa inyo;
9 O, sa madaling salita, ibinibi-
gay ko sa inyo ang mga tagubi-
lin kung paano kayo [a]kikilos sa
harapan ko, upang ito ay buma-
lik para sa inyong kaligtasan.
10 Ako, ang Panginoon, ay
[a]nakatali kapag ginawa ninyo
ang aking sinabi; subalit kapag
hindi ninyo ginawa ang aking si-
nabi, kayo ay walang pangako.
11 Kaya nga, katotohanang si-
nasabi ko sa inyo, na kinakaila-
ngan para sa aking mga taga-
paglingkod na sina Edward
Partridge at Newel K. Whitney,
A. Sidney Gilbert at Sidney
Rigdon, at ang aking tagapag-
lingkod na si Joseph Smith, at
John Whitmer at Oliver Cow-
dery, at W. W. Phelps at Martin
Harris na mataling [a]magka-
kasama ng isang bigkis at tipan
na hindi malalagot ng kasala-
nan, maliban sa ang paghuhu-
kom ay kaagad na susunod, sa
inyong ilang pinangangasi-
waan—
12 Na pamahalaan ang mga
bagay-bagay ng mga maralita,
at lahat ng bagay na nauukol sa
obispado kapwa sa lupain ng
Sion at sa lupain ng Kirtland;
13 Sapagkat aking inilaan ang
lupain ng Kirtland sa aking sa-
riling takdang panahon para sa
kapakinabangan ng mga banal
ng Kataas-taasan, at para sa
isang [a]istaka sa Sion.
14 Sapagkat ang Sion ay kina-
kailangang maragdagan sa ka-
gandahan, at sa kabanalan; ang
kanyang mga hangganan ay ki-
nakailangang mapalawak; ang
kanyang mga istaka ay kinaka-
ilangang mapalakas; oo, kato-
tohanang sinasabi ko sa inyo,
ang [a]Sion ay kinakailangang
bumangon at magsuot ng kan-
yang [b]magagarang damit.
15 Samakatwid, ibinibigay ko
sa inyo ang kautusang ito, na
inyong itali ang inyong sarili
ng tipang ito, at ito ay mangya-
yari alinsunod sa mga batas ng
Panginoon.
16 Masdan, naririto rin ang
karunungan sa akin para sa in-
yong ikabubuti.
17 At kayo ay kailangang ma-
ging [a]pantay, o sa madaling sa-
lita, kayo ay kailangang mag-
karoon ng mga pantay-pantay
na karapatan sa mga ari-arian,
para sa kapakinabangan ng pa-
mamahala ng mga pananagu-
tan sa inyong mga pinanga-
ngasiwaan, bawat tao alinsunod
sa kanyang mga kakulangan at
kanyang mga pangangailangan,
yayamang ang kanyang mga ka-
kulangan ay makatwiran—
18 At lahat ng ito ay para sa
kapakinabangan ng simbahan
ng buhay na Diyos, upang ang
bawat tao ay mapabuti sa kan-

8*a* Juan 13:34.
9*a* D at T 43:8.
10*a* Jos. 23:14;
1 Hari 8:23;
D at T 1:38;
130:20–21.
gbk Pagpapala,
Pagpapalain,
Pinagpala;
Pagsunod,
Masunurin,
Sumunod.
11*a* D at T 78:3–7, 11–15.
13*a* Is. 33:20; 54:2.
gbk Istaka.
14*a* gbk Sion.
*b* Is. 52:1;
D at T 113:7–8.
17*a* D at T 51:3.
gbk Paglalaan, Batas
ng Paglalaan.

yang [a]talento, upang ang bawat tao ay magtamo ng iba pang mga talento, oo, maging sandaang ulit, para mailagay sa [b]kamalig ng Panginoon, upang maging pag-aari ng buong simbahan—

19 Bawat taong hinahangad ang kapakanan ng kanyang kapwa, at ginagawa ang lahat ng bagay na ang [a]mata ay nakatuon sa kaluwalhatian ng Diyos.

20 Ang [a]utos na ito ay aking itinakda upang maging isang walang hanggang utos sa inyo, at sa inyong mga kahalili, yayamang kayo ay hindi nagkasala.

21 At ang tao na nagkakasala laban sa tipang ito, at pinatitigas ang kanyang puso laban dito, ay pakikitunguhan alinsunod sa mga batas ng aking simbahan, at dadalhin sa mga [a]pananakit ni Satanas hanggang sa araw ng pagtubos.

22 At ngayon, katotohanang sinasabi ko sa inyo, at ito ay karunungan, gawin ang inyong sarili na mga kaibigan ng mammon ng kasamaan, at hindi nila kayo wawasakin.

23 Iwan ang paghahatol sa akin, sapagkat ito ay akin at ako ang [a]gaganti. Kapayapaan ang mapasainyo; ang aking mga pagpapala ay magpapatuloy sa inyo.

24 Sapagkat gayon pa man ang [a]kaharian ay sa inyo, at magiging gayon magpakailanman, kung kayo ay hindi babagsak sa inyong pagiging matatag. Maging gayon nga. Amen.

## BAHAGI 83

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Independence, Missouri, ika-30 ng Abril 1832 (*History of the Church, *1:269–270). Ang paghahayag na ito ay natanggap habang ang Propeta ay nakaupo sa pakikipagsanggunian sa kanyang mga kapatid.*

*1–4, Ang mga babae at anak ay may karapatan sa kanilang mga asawa at ama para sa kanilang panustos; 5–6, Ang mga balo at ulila ay may karapatan sa Simbahan para sa kanilang panustos.*

KATOTOHANAN, ganito ang wika ng Panginoon, bilang karagdagan sa mga batas ng simbahan hinggil sa mga babae at anak, yaong mga nabibilang sa simbahan, na [a]nawalan ng mga asawa o ama:

18*a* Mat. 25:14–30; D at T 60:13. GBK Kaloob; Kaloob ng Espiritu, Mga.
*b* D at T 42:30–34, 55; 119:1–3. GBK Kamalig.
19*a* D at T 88:67. GBK Mata, Mga Mata.
20*a* GBK Nagkakaisang Orden.
21*a* D at T 104:8–10.
23*a* Rom. 12:19; Morm. 3:15.
24*a* Lu. 12:32; D at T 64:3–5. GBK Kaharian ng Diyos o Kaharian ng Langit.
**83** 1*a* Sant. 1:27.

2 Ang mga babae ay may [a]karapatan sa kanilang mga asawa para sa kanilang ikabubuhay, hanggang sa ang kanilang mga asawa ay kunin; at kung sila ay hindi matagpuang naglabag sila ay magkakaroon ng pakikipagkapatiran sa simbahan.
3 At kung sila ay hindi matatapat sila ay hindi makatatanggap ng pakikipagkapatiran sa simbahan; gayunpaman mananatili sa kanila ang mga mana alinsunod sa mga batas ng lupain.
4 Lahat ng [a]anak ay may karapatan sa kanilang mga magulang para sa kanilang ikabubuhay hanggang sa sila ay sumapit sa hustong gulang.
5 At pagkaraan niyon, sila ay may karapatan sa simbahan, o sa madaling salita sa [a]kamalig ng Panginoon, kung ang kanilang mga magulang ay walang mapagkukunan upang bigyan sila ng mga mana.
6 At ang kamalig ay pananatilihin sa pamamagitan ng mga paglalaan ng simbahan; at ang mga [a]balo at ulila ay paglalaanan, gayon din ang mga [b]maralita. Amen.

## BAHAGI 84

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Kirtland, Ohio, ika-22 at 23 ng Setyembre 1832 (*History of the Church, *1:286–295). Noong buwan ng Setyembre, ang mga elder ay nagsimulang bumalik mula sa kanilang mga misyon sa mga estado sa silangan at magbigay-ulat ng kanilang mga ginawa. Ito ay nang sila ay magkakasama sa panahon ng kagalakan na ang mga sumusunod na pakikipagtalastasan ay natanggap. Tinukoy ito ng Propeta bilang paghahayag sa pagkasaserdote.*

*1–5, Ang Bagong Jerusalem at ang templo ay itatayo sa Missouri; 6–17, Ang linya ng pagkasaserdote ay ibinigay mula kay Moises hanggang kay Adan; 18–25, Ang nakatataas na pagkasaserdote ang may hawak ng mga susi ng kaalaman tungkol sa Diyos; 26–32, Ang nakabababang pagkasaserdote ang may hawak ng mga susi ng paglilingkod ng mga anghel at ng panimulang ebanghelyo; 33–44, Ang mga tao ay magtatamo ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng sumpa at tipan ng pagkasaserdote; 45–53, Ang Espiritu ni Cristo ay nagpapaliwanag sa mga tao, at ang sanlibutan ay nasasadlak sa kasalanan; 54–61, Ang mga Banal ay kinakailangang magpatotoo ng yaong mga bagay na kanilang natanggap; 62–76, Sila ay dapat mangaral ng ebanghelyo, at ang mga tanda ay susunod; 77–91, Ang mga elder ay kailangang humayo nang walang supot ng salapi o supot ng pagkain,*

2*a* 1 Tim. 5:8.
4*a* Mos. 4:14.
5*a* D at T 78:3.
GBK Kamalig.
6*a* GBK Babaing Balo.
*b* Mos. 4:16–26;
Hel. 4:11–13;
D at T 42:30–39.
GBK Maralita.

*at ang Panginoon ang kakandili sa kanilang mga pangangailangan; 92–97, Mga salot at sumpa ang naghihintay sa yaong mga tumanggi sa ebanghelyo; 98–102, Ang bagong awit ng pagkatubos ng Sion ay ibinigay; 103–110, Ang bawat tao ay tatayo sa kanyang sariling katungkulan at gagawa sa kanyang sariling tungkulin; 111–120, Ang mga tagapaglingkod ng Panginoon ay ipahahayag ang kasuklam-suklam na kapanglawan sa mga huling araw.*

ISANG paghahayag ni Jesucristo sa kanyang tagapaglingkod na si Joseph Smith, Jun., at sa anim na elder, habang kanilang pinag-isa ang kanilang mga puso at [a]itinaas ang kanilang mga tinig sa kaitaasan.

2 Oo, ang salita ng Panginoon hinggil sa kanyang simbahan, itinatag sa mga huling araw para sa [a]pagpapanumbalik ng kanyang mga tao, gaya ng kanyang sinabi sa pamamagitan ng bibig ng kanyang mga [b]propeta, at para sa pagtitipon ng kanyang mga [c]banal upang tumayo sa [d]Bundok ng Sion, na siyang magiging lunsod ng [e]Bagong Jerusalem.

3 Kung aling lunsod ay itatayo, simula sa lote ng [a]templo, na itinakda ng daliri ng Panginoon, sa mga hangganan sa kanluran ng Estado ng Missouri, at inialay sa pamamagitan ng kamay ni Joseph Smith, Jun., at ng iba pa na siyang lubos na kinalulugdan ng Panginoon.

4 Katotohanang ito ang salita ng Panginoon, na ang lunsod ng [a]Bagong Jerusalem ay itatayo sa pamamagitan ng pagtitipon ng mga banal, simula sa lugar na ito, maging ang lugar ng [b]templo, kung aling templo ay itatayo sa salinlahing ito.

5 Sapagkat katotohanang ang salinlahing ito ay hindi papanaw hangga't ang isang bahay ay maitayo para sa Panginoon, at ang ulap ay mananahan dito, na kung aling ulap ay magiging gaya ng [a]kaluwalhatian ng Panginoon, na siyang pupuno sa bahay.

6 At ang mga anak na lalaki ni Moises, alinsunod sa Banal na Pagkasaserdote na kanyang tinanggap sa ilalim ng [a]kamay ng kanyang biyanang-lalaki, si [b]Jethro;

7 At tinanggap ito ni Jethro sa ilalim ng kamay ni Caleb;

8 At tinanggap ito ni Caleb sa ilalim ng kamay ni Eliu;

9 At ni Eliu sa ilalim ng kamay ni Jeremias;

**84** 1*a* GBK Panalangin.
2*a* GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
*b* Gawa 3:19–21.
*c* GBK Banal (pangngalan).
*d* Is. 2:2–5; Heb. 12:22; Apoc. 14:1; D at T 76:66; 84:32; 133:18, 56.
*e* Eter 13:2–11; D at T 42:8–9; 45:66–67; S ng P 1:10. GBK Bagong Jerusalem.
3*a* D at T 57:3.
4*a* GBK Bagong Jerusalem.
*b* GBK Templo, Bahay ng Panginoon.
5*a* D at T 45:67; 64:41–43; 97:15–20; 109:12, 37.
6*a* GBK Kamay, Pagpapatong ng mga.
*b* GBK Jethro.

10 At ni Jeremias sa ilalim ng kamay ni Gad;

11 At ni Gad sa ilalim ng kamay ni Esaias;

12 At tinanggap ito ni Esaias sa ilalim ng kamay ng Diyos.

13 Nabuhay rin si Esaias noong panahon ni Abraham, at pinagpala niya—

14 Na tinanggap ni [a]Abraham ang pagkasaserdote mula kay [b]Melquisedec, na tinanggap ito sa pamamagitan ng angkan ng kanyang mga ama, maging hanggang kay [c]Noe;

15 At mula kay Noe hanggang kay [a]Enoc, sa pamamagitan ng angkan ng kanilang mga ama;

16 At mula kay Enoc hanggang kay [a]Abel, na pinaslang ng [b]pakikipagsabwatan ng kanyang kapatid, na [c]tumanggap ng pagkasaserdote sa pamamagitan ng mga kautusan ng Diyos, sa kamay ng kanyang amang si [d]Adan, na siyang unang tao—

17 Kung aling [a]pagkasaserdote ay nagpapatuloy sa simbahan ng Diyos sa lahat ng salinlahi, at walang simula ng mga araw o katapusan ng mga taon.

18 At pinagtibay rin ng Panginoon ang [a]pagkasaserdote kay [b]Aaron at sa kanyang binhi, hanggang sa lahat ng kanilang salinlahi, kung aling pagkasaserdote rin ay magpapatuloy at [c]mananatili magpakailanman kasama ng pagkasaserdote na alinsunod sa pinakabanal na orden ng Diyos.

19 At ang nakatataas na pagkasaserdoteng ito ang nangangasiwa ng ebanghelyo at humahawak ng susi ng mga [a]hiwaga ng kaharian, maging ang susi ng [b]kaalaman tungkol sa Diyos.

20 Samakatwid, sa mga [a]ordenansa nito, ang kapangyarihan ng kabanalan ay makikita.

21 At kung wala ang mga ordenansa nito, at ang [a]kapangyarihan ng pagkasaserdote, ang kapangyarihan ng kabanalan ay hindi makikita ng mga tao sa laman;

22 Sapagkat kung wala nito walang [a]tao ang makakikita sa mukha ng Diyos, maging ng Ama, at mabubuhay.

23 Ngayon ito ay maliwanag na itinuro ni [a]Moises sa mga anak ni Israel sa ilang, at matiyagang naghangad na [b]pabanalin ang kanyang mga tao upang kanilang [c]mamasdan ang mukha ng Diyos;

24 Subalit kanilang [a]pinatigas

14*a* GBK Abraham.
*b* GBK Melquisedec.
*c* GBK Noe, Patriyarka sa Biblia.
15*a* GBK Enoc.
16*a* GBK Abel.
*b* Moi. 5:29–32.
*c* D at T 107:40–57.
*d* GBK Adan.
17*a* Alma 13:1–19; Abr. 2:9, 11. GBK Pagkasaserdoteng Melquisedec.
18*a* GBK Pagkasaserdoteng Aaron.
*b* GBK Aaron—Kapatid ni Moises.
*c* D at T 13:1.
19*a* D at T 63:23; 107:18–19. GBK Hiwaga ng Diyos, Mga.
*b* Abr. 1:2.
20*a* GBK Ordenansa, Mga.
21*a* GBK Karapatan; Pagkasaserdote.
22*a* D at T 67:11.
23*a* Ex. 19:5–11; 33:11.
*b* GBK Pagpapabanal.
*c* Ex. 24:9–11; D at T 93:1.
24*a* Ex. 20:18–21; 32:8; Deut. 9:23; 1 Ne. 17:30–31, 42.

ang kanilang mga puso at hindi nakatagal sa kanyang harapan; kaya nga, ang Panginoon sa kanyang [b]poot, sapagkat ang kanyang galit ay nagsiklab laban sa kanila, ay sumumpa na hindi sila [c]makapapasok sa kanyang kapahingahan habang nasa ilang, kung aling kapahingahan ay kaganapan ng kanyang kaluwalhatian.

25 Kaya nga, kinuha niya si [a]Moises mula sa kanila, at ang Banal na [b]Pagkasaserdote rin;

26 At ang nakabababang [a]pagkasaserdote ay nagpatuloy, kung aling pagkasaserdote ay humahawak ng [b]susi ng paglilingkod ng mga anghel at ang panimulang ebanghelyo;

27 Kung aling ebanghelyo ay ebanghelyo ng [a]pagsisisi at ng [b]pagbibinyag, at ang [c]kapatawaran ng mga kasalanan, at ang [d]batas ng [e]makalupang mga kautusan, kung alin ang Panginoon sa kanyang poot ay nagawang ipagpatuloy sa sambahayan ni Aaron sa mga anak ni Israel hanggang kay [f]Juan, na siyang ibinangon ng Diyos, na [g]puspos ng Espiritu Santo mula sa sinapupunan ng kanyang ina.

28 Sapagkat siya ay bininyagan habang siya ay nasa kanyang pagkabata, at inordenan sa pamamagitan ng anghel ng Diyos sa panahong siya ay nasa gulang na walong araw sa kanyang kapangyarihan, upang ibagsak ang kaharian ng mga Judio, at upang [a]gawing tuwid ang daan ng Panginoon sa harapan ng kanyang mga tao, upang ihanda sila sa pagparito ng Panginoon, na kung kaninong kamay ay ibinigay ang [b]lahat ng kapangyarihan.

29 At muli, ang mga katungkulan ng elder at obispo ay mga kinakailangang [a]karagdagan na nabibilang sa mataas na pagkasaserdote.

30 At muli, ang mga katungkulan ng mga guro at diyakono ay mga kinakailangang karagdagan na nabibilang sa nakabababang pagkasaserdote, kung aling pagkasaserdote ay iginawad kay Aaron at sa kanyang mga anak na lalaki.

31 Samakatwid, gaya ng aking sinabi hinggil sa mga anak na lalaki ni Moises—sapagkat ang mga anak na lalaki ni Moises at gayon din ang mga anak na lalaki ni Aaron ay mag-aalay ng isang karapat-dapat na [a]handog at hain sa bahay ng Panginoon, kung aling bahay ay itatayo para sa Panginoon sa salinla-

---

24*b* Awit 95:8; Heb. 3:8–11; Jac. 1:7–8; Alma 12:36.
*c* PJS, Ex. 34:1–2; Blg. 14:23; Heb. 4:1–11.
25*a* Deut. 34:1–5.
*b* GBK Pagkasaserdoteng Melquisedec.
26*a* GBK Pagkasaserdoteng Aaron.
*b* D at T 13:1.
*c* D at T 107:20.
27*a* GBK Magsisi, Pagsisisi.
*b* GBK Pagbibinyag, Binyagan.
*c* GBK Kapatawaran ng mga Kasalanan.
*d* GBK Batas ni Moises, Mga.
*e* Heb. 7:11–16.
*f* GBK Juan Bautista.
*g* Lu. 1:15.
28*a* Is. 40:3; Mat. 3:1–3; Juan 1:23.
*b* Mat. 28:18; Juan 17:2; 1 Ped. 3:22; D at T 93:16–17.
29*a* D at T 107:5.
31*a* D at T 128:24.

hing ito, sa inilaang [b]lugar gaya ng aking itinakda—

32 At ang mga anak na lalaki ni Moises at ni Aaron ay mapupuspos ng [a]kaluwalhatian ng Panginoon, sa [b]Bundok ng Sion sa bahay ng Panginoon, kung sinong mga anak ay kayo; at gayon din ang marami na aking tinawag at isinugo upang itayo ang aking [c]simbahan.

33 Sapagkat kung sinuman ang [a]matapat sa pagtatamo ng dalawang [b]pagkasaserdoteng ito na aking sinabi, at ang pagtupad sa kanilang mga tungkulin, ay [c]pababanalin sa pamamagitan ng Espiritu para sa pagpapanibago ng kanilang mga katawan.

34 Sila ay magiging mga anak na lalaki ni Moises at ni Aaron at [a]binhi ni [b]Abraham, at ng simbahan at kaharian, at ang [c]hinirang ng Diyos.

35 At gayon din lahat sila na tumanggap ng pagkasaserdoteng ito ay tinanggap ako, wika ng Panginoon;

36 Sapagkat siya na tumatanggap sa aking mga tagapaglingkod ay [a]tinatanggap ako;

37 At siya na [a]tumatanggap sa akin ay tinatanggap ang aking Ama;

38 At siya na tumatanggap sa aking Ama ay tinatanggap ang kaharian ng aking Ama; kaya nga [a]lahat ng mayroon ang aking Ama ay ibibigay sa kanya.

39 At ito ay alinsunod sa [a]sumpa at tipan na napapaloob sa pagkasaserdote.

40 Kaya nga, lahat yaong tumanggap ng pagkasaserdote, ay tumanggap ng sumpa at tipang ito ng aking Ama, na hindi niya masisira, ni matitinag.

41 Subalit kung sinuman ang [a]sisira sa tipang ito matapos niya itong matanggap, at sa kabuuan ay tumalikod dito, ay [b]hindi magkakaroon ng kapatawaran ng mga kasalanan sa daigdig na ito ni sa daigdig na darating.

42 At sa aba sa lahat ng yaong hindi sumapit sa pagkasaserdoteng ito na inyong tinanggap, na akin ngayong pinagtitibay sa inyo na naririto sa araw na ito, sa pamamagitan ng sarili kong tinig mula sa kalangitan; at maging ako ay nagbigay sa mga hukbo ng langit at ang aking mga [a]anghel ng utos hinggil sa inyo.

43 At binibigyan ko kayo nga-

31*b* D at T 57:3.
32*a* GBK Kaluwalhatian.
*b* Heb. 12:22; D at T 76:66; 84:2; 133:56.
*c* GBK Simbahan ni Jesucristo.
33*a* GBK Karapat-dapat, Pagiging Karapat-dapat.
*b* GBK Pagkasaserdote.
*c* GBK Pagpapabanal.
34*a* Gal. 3:29; Abr. 2:9–11. GBK Abraham—Ang binhi ni Abraham.
*b* D at T 132:30–32. GBK Tipang Abraham.
*c* GBK Hinirang, Pagkakahirang.
36*a* Mat. 10:40–42; Lu. 10:16; D at T 112:20.
37*a* Juan 13:20.
38*a* Lu. 12:43–44; Rom. 8:32; Apoc. 21:7; 3 Ne. 28:10; D at T 132:18–20. GBK Kadakilaan.
39*a* GBK Sumpa at Tipan ng Pagkasaserdote.
41*a* GBK Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan.
*b* D at T 76:34–38; 132:27.
42*a* D at T 84:88.

yon ng isang kautusan na mag-
ingat hinggil sa inyong sarili,
na [a]makinig na mabuti sa mga
salita ng buhay na walang
hanggan.
44 Sapagkat kayo ay [a]ma-
bubuhay sa bawat salita na
magmumula sa bibig ng Diyos.
45 Sapagkat ang [a]salita ng Pa-
nginoon ay katotohanan, at anu-
mang [b]katotohanan ay liwanag,
at anumang liwanag ay Espi-
ritu, maging ang Espiritu ni
Jesucristo.
46 At ang Espiritu ay nagbibi-
gay ng [a]liwanag sa [b]bawat tao
na dumarating sa daigdig; at ang
Espiritu ay nagbibigay-liwanag
sa bawat tao sa pamamagitan
ng daigdig, na nakikinig sa ti-
nig ng Espiritu.
47 At ang bawat isa na nakiki-
nig sa tinig ng Espiritu ay luma-
lapit sa Diyos, maging ang Ama.
48 At ang Ama ay [a]tinuturuan
siya ng [b]tipan na kanyang pina-
bago at pinagtibay sa inyo, na
pinagtibay sa inyo para sa in-
yong kapakanan, at hindi la-
mang para sa inyong kapaka-
nan, kundi para sa kapakanan
ng buong sanlibutan.
49 At ang buong [a]sanlibutan ay
nasasadlak sa kasalanan, at du-
madaing sa ilalim [b]ng kadiliman
at sa pagkaalipin ng kasalanan.
50 At sa pamamagitan nito ay
inyong malalaman na sila ay
nasa [a]pagkaalipin ng [b]kasala-
nan, sapagkat sila ay hindi lu-
malapit sa akin.
51 Sapagkat sinuman ang hindi
lumalapit sa akin ay nasa ilalim
ng pagkaalipin ng kasalanan.
52 At sinuman ang hindi tuma-
tanggap ng aking tinig ay hindi
nakakikilala ng [a]aking tinig, at
hindi sa akin.
53 At sa pamamagitan nito ay
inyong malalaman ang mabu-
buti sa masasama, at ang buong
[a]sanlibutan ay [b]dumadaing sa
ilalim ng [c]kasalanan at kadili-
man maging sa ngayon.
54 At ang inyong mga isipan
sa mga nakaraang panahon ay
naging madilim dahil sa [a]kawa-
lan ng paniniwala, at sapagkat
inyong pinawalang-kabuluhan
ang mga bagay na inyong ti-
nanggap—
55 Kung aling [a]kawalang-
kabuluhan at kawalan ng panini-
wala ay nagdala sa buong sim-
bahan sa ilalim ng kaparusahan.
56 At ang kaparusahan na ito
ay nasa sa mga anak ng Sion,
maging sa lahat.
57 At sila ay mananatili sa ila-
lim ng kaparusahang ito hang-
gang sa sila ay magsisi at kani-
lang alalahanin ang bagong

43*a* 1 Ne. 15:23–25; D at T 1:14.
44*a* Deut. 8:3; Mat. 4:4; D at T 98:11.
45*a* Awit 33:4. GBK Salita ng Diyos.
*b* GBK Katotohanan.
46*a* GBK Budhi; Ilaw, Liwanag ni Cristo.
*b* Juan 1:9; D at T 93:2.
48*a* GBK Inspirasyon.
*b* GBK Tipan; Bago at Walang Hanggang Tipan.
49*a* 1 Juan 5:19.
*b* GBK Kadiliman, Espirituwal na.
50*a* Gal. 4:9.
*b* GBK Kasalanan.
52*a* Juan 10:27.
53*a* GBK Daigdig.
*b* Rom. 8:22; Moi. 7:48.
*c* GBK Kamunduhan.
54*a* GBK Kawalang-paniniwala.
55*a* GBK Kawalang-kabuluhan, Walang Kabuluhan.

[a]tipan, maging ang [b]Aklat ni
Mormon at ang [c]dating mga ka-
utusan na aking ibinigay sa ka-
nila, hindi lamang upang sabi-
hin, kundi upang [d]gawin alinsu-
nod sa yaong aking isinulat—
58 Upang sila ay makapagda-
la ng bunga na nararapat para
sa kaharian ng kanilang Ama;
kung hindi ay mananatili sa
kanila ang kaparusahan at pag-
huhukom na ibubuhos sa mga
anak ng Sion.
59 Sapagkat maaari bang du-
mihan ng mga anak ng kahari-
an ang aking banal na lupain?
Katotohanan, sinasabi ko sa
inyo, Hindi.
60 Katotohanan, katotohanan,
sinasabi ko sa inyo na nakariri-
nig ngayon ng aking mga [a]sali-
ta, na aking tinig, pinagpala
kayo yayamang inyong tinang-
gap ang mga bagay na ito;
61 Sapagkat akin kayong [a]pa-
tatawarin sa inyong mga kasa-
lanan sa kautusang ito—na
kayo ay manatiling matatag sa
inyong mga isipan sa [b]kataim-
timan at sa diwa ng pananala-
ngin, sa pagpapatotoo sa buong
sanlibutan ng mga bagay na
yaon na aking sinabi sa inyo.
62 Kaya nga, [a]humayo kayo sa
buong sanlibutan; at saan mang
lugar hindi kayo makatutungo
ay magsusugo kayo, upang ang
patotoo ay tumungo mula sa
inyo patungo sa buong sanli-
butan sa bawat kinapal.
63 At gaya ng aking sinabi sa
aking mga apostol, gayon din
ay aking sinasabi sa inyo, sa-
pagkat kayo ay aking mga
[a]apostol, maging matataas na
saserdote ng Diyos; kayo yaong
[b]ibinigay sa akin ng aking Ama;
kayo ay aking mga [c]kaibigan;
64 Kaya nga, tulad ng aking
sinabi sa aking mga apostol si-
nasabi kong muli sa inyo, na
ang bawat [a]kaluluwa na [b]nani-
niwala sa inyong mga salita, at
nabinyagan sa pamamagitan
ng tubig para sa [c]kapatawaran
ng mga kasalanan, ay tatang-
gap ng [d]Espiritu Santo.
65 At ang mga [a]tanda na ito
ay susunod sa kanila na nanini-
wala—
66 Sa aking pangalan sila
ay gagawa ng mga kahanga-
hangang [a]gawain;
67 Sa aking [a]pangalan sila ay
magtataboy ng mga diyablo;
68 Sa aking pangalan sila ay
[a]magpapagaling ng maysakit;
69 Sa aking pangalan ay bu-

57*a* Jer. 31:31–34.
*b* GBK Aklat ni Mormon.
*c* 1 Ne. 13:40–41.
*d* Sant. 1:22–25; D at T 42:13–15.
60*a* D at T 18:34–36.
61*a* Dan. 9:9. GBK Magpatawad.
*b* D at T 43:34; 88:121; 100:7.
62*a* Mar. 16:15; D at T 1:2–5. GBK Gawaing Pangmisyonero.
63*a* GBK Apostol.
*b* 3 Ne. 15:24; D at T 50:41–42.
*c* Juan 15:13–15; D at T 93:45.
64*a* GBK Kaluluwa.
*b* Mar. 16:15–16. GBK Paniniwala, Maniwala.
*c* GBK Kapatawaran ng mga Kasalanan.
*d* GBK Kaloob na Espiritu Santo.
65*a* Mar. 16:17–18. GBK Palatandaan.
66*a* GBK Gawa, Mga.
67*a* Mat. 17:14–21.
68*a* GBK Pinagaling, Pagpapagaling.

buksan nila ang mga mata ng bulag, at aalisan ng takip ang mga tainga ng mga bingi;
70 At ang dila ng pipi ay magsasalita;
71 At kung sinuman ang maglalapat ng [a]lason sa kanila ito ay hindi makasasakit sa kanila;
72 At ang lason ng ahas ay mawawalan ng kapangyarihan na saktan sila.
73 Subalit isang kautusan ang ibinibigay ko sa kanila, na sila ay hindi [a]ipagyabang ang kanilang sarili dahil sa mga bagay na ito, ni pag-uusapan ang mga ito sa harapan ng sanlibutan; sapagkat ang mga bagay na ito ay ibinigay para sa inyong kapakinabangan at para sa kaligtasan.
74 Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, sila na hindi naniniwala sa inyong mga salita, at hindi [a]nabinyagan sa tubig sa aking pangalan, para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan, upang kanilang matanggap ang Espiritu Santo, ay [b]mapapahamak, at hindi makatutungo sa kaharian ng aking Ama kung saan ang aking Ama at ako ay naroroon.
75 At ang paghahayag na ito sa inyo, at kautusan, ay may bisa mula sa oras na ito sa buong sanlibutan, at ang ebanghelyo ay para sa lahat na hindi pa nakatatanggap nito.
76 Subalit, katotohanang sinasabi ko sa lahat kung kanino ang kaharian ay ibinigay—mula sa inyo ito ay kinakailangang ipangaral sa kanila, upang sila ay makapagsisi ng kanilang dating masasamang gawain; sapagkat sila ay sisisihin dahil sa kanilang pusong masasama na walang paniniwala, at ang inyong mga kapatid sa Sion dahil sa kanilang paghihimagsik laban sa inyo noong panahong isinugo ko kayo.
77 At muli sinasabi ko sa inyo, aking mga kaibigan, sapagkat magmula ngayon tatawagin ko kayong mga kaibigan, kinakailangan na ibigay ko sa inyo ang kautusang ito, upang kayo ay maging aking mga kaibigan sa mga araw kung kailan ako ay kasama nila, naglalakbay upang ipangaral ang ebanghelyo sa aking kapangyarihan;
78 Sapagkat akin silang hinayaang walang [a]supot ng salapi o supot ng pagkain, ni dalawang tunika.
79 Masdan, isinugo ko kayo upang subukin ang sanlibutan, at ang manggagawa ay marapat sa kanyang [a]upa.
80 At sinuman ang hahayo at [a]mangangaral ng [b]ebanghelyong ito ng kaharian, at magpapatuloy na maging matapat sa lahat ng bagay, ay hindi ma-

71*a* Mar. 16:18; Gawa 28:3–9; D at T 24:13; 124:98–100.
73*a* D at T 105:24. GBK Kapalaluan.
74*a* 2 Ne. 9:23; D at T 76:50–52. GBK Pagbibinyag, Binyagan—Kinakailangan.
*b* Juan 3:18.
78*a* Mat. 10:9–10; D at T 24:18.
79*a* D at T 31:5.
80*a* GBK Gawaing Pangmisyonero.
*b* GBK Ebanghelyo.

papagod sa isipan, ni madidili-
man, ni sa katawan, sa bisig, ni
sa kasu-kasuan; at hindi mala-
laglag sa lupa nang hindi nama-
malayan ang kahit isang [c]buhok
sa kanyang ulo. At sila ay hindi
magugutom, ni mauuhaw.
81 Kaya nga, huwag kayong
[a]mababalisa sa araw ng bukas,
kung ano ang inyong kakainin,
o ano ang inyong iinumin, o
saan manggagaling ang inyong
idaramit.
82 Sapagkat, wariin ninyo ang
mga lirio sa parang, kung pa-
ano nagsisilaki, hindi nangag-
papagal, ni nangagsusulid; at
ang mga kaharian ng sanlibu-
tan, sa kabuuan ng kanilang
kaluwalhatian, ay hindi nakaa-
yos tulad ng isa sa mga ito.
83 Sapagkat ang inyong [a]Ama,
na nasa langit, ay [b]nakababatid
na kailangan ninyo ang lahat ng
bagay na ito.
84 Kaya nga, hayaan ang araw
ng bukas ay [a]mabalisa sa kan-
yang sarili.
85 Ni huwag kayong mabalisa
kung [a]ano ang inyong sasabihin;
kundi [b]papagyamanin sa in-
yong mga isipan tuwina ang
mga salita ng buhay, at [c]ibibi-
gay ito sa inyo sa oras na iyon
yaong bahagi na nararapat ipag-
kaloob sa bawat tao.
86 Kaya nga, huwag hayaan
ang sinuman sa inyo, sapagkat
ang kautusang ito ay para sa la-
hat ng [a]matatapat na tinawag
ng Diyos sa simbahan sa minis-
teryo, mula sa oras na ito na
kumuha ng supot ng salapi o
supot ng pagkain, na hahayo
upang ipahayag ang ebanghel-
yong ito ng kaharian.
87 Masdan, [a]isinugo ko kayo
upang pagsabihan ang sanli-
butan ng lahat ng kanilang hin-
di mabubuting gawa, at upang
turuan sila ng isang paghuhu-
kom na darating.
88 At sinuman ang [a]tatanggap
sa inyo, naroroon din ako, sa-
pagkat ako ay magpapauna sa
inyong harapan. Ako ay papa-
sainyong kanang kamay at sa
inyong kaliwa, at ang aking Es-
piritu ay papasainyong mga
puso, at ang aking mga [b]anghel
ay nasa paligid ninyo, upang
dalhin kayo.
89 Ang sinumang tatanggap sa
inyo ay tumatanggap sa akin;
at siya ring magpapakain sa
inyo, at magdaramit sa inyo, at
magbibigay sa inyo ng salapi.
90 At siya na magpapakain sa
inyo, o magdaramit sa inyo, o
magbibigay sa inyo ng salapi,
ay hindi [a]mawawalan ng kan-
yang gantimpala.
91 At siya na hindi gumagawa
ng mga bagay na ito ay hindi

80*c* Lu. 21:18.
81*a* Mat. 6:25–28.
83*a* GBK Ama sa Langit.
*b* Mat. 6:8.
84*a* Mat. 6:34.
85*a* Mat. 10:19–20; Lu. 12:11–12; D at T 100:6.
*b* 2 Ne. 31:20; Alma 17:2–3; D at T 6:20; 11:21–26. GBK Pagbulay-bulay.
*c* GBK Turuan, Guro—Pagtuturo na may Espiritu.
86*a* Mat. 24:44–46; D at T 58:26–29; 107:99–100.
87*a* GBK Gawaing Pangmisyonero.
88*a* Mat. 10:40; Juan 13:20.
*b* D at T 84:42. GBK Anghel, Mga.
90*a* Mat. 10:42; Mar. 9:41.

ko disipulo; sa pamamagitan
nito ay makikilala ninyo ang
[a]aking mga disipulo.
92 Siya na hindi tumatanggap
sa inyo, lumayo kayong mag-
isa mula sa kanya, at [a]linisin
ang inyong mga paa maging ng
tubig, malinis na tubig, maging
sa mainit o malamig, at magpa-
totoo nito sa inyong Ama na
nasa langit, at huwag nang bu-
malik muli sa taong yaon.
93 At saan mang nayon o lun-
sod kayo papasok, gawin ang
gayon din.
94 Gayunman, masigasig na
maghanap at huwag magtira;
at sa aba sa yaong sambaha-
yan, o yaong nayon o lunsod na
tumanggi sa inyo, o sa inyong
mga salita, o sa inyong patotoo
hinggil sa akin.
95 Sa aba, sinasabi kong muli,
sa sambahayang yaon, o sa na-
yon o lunsod na yaon na tu-
manggi sa inyo, o sa inyong
mga salita, o sa inyong mga pa-
totoo tungkol sa akin;
96 Sapagkat ako, ang [a]Pinaka-
makapangyarihan, ay nagpa-
tong ng aking mga kamay sa
mga bansa, upang [b]parusahan
sila dahil sa kanilang mga [c]ka-
samaan.
97 At ang mga salot ay dara-
ting, at hindi aalisin ang mga
ito sa lupa hanggang sa mata-
pos ko ang aking gawain, na
[a]paiigsiin sa kabutihan—
98 Hanggang sa makilala ako
ng lahat, na nanatili, maging
mula sa pinakamaliit hang-
gang sa pinakamalaki, at ma-
pupuno ng kaalaman ng Pa-
nginoon, at [a]makikita nang
mata sa mata, at itataas ang ka-
nilang mga tinig, at sa mga
tinig na magkakasabay ay
[b]aawit ng bagong awiting ito,
sinasabing:
99 Dinala muli ng Panginoon
ang Sion;
[a]Tinubos ng Panginoon ang kan-
yang mga tao, ang [b]Israel,
Alinsunod sa [c]paghirang ng
[d]biyaya,
Na napangyari sa pamamagi-
tan ng pananampalataya
At [e]tipan ng kanilang mga ama.
100 Tinubos ng Panginoon ang
kanyang mga tao;
At si Satanas ay [a]nakagapos at
ang panahon ay hindi na
magtatagal.
Tinipon ng Panginoon ang la-
hat ng bagay sa [b]isa.
Ibinaba ng Panginoon ang [c]Sion
mula sa itaas.
[d]Itinaas ng Panginoon ang Sion
mula sa ilalim.
101 Ang [a]mundo ay nagdusa at
inilabas ang kanyang lakas;

91*a* Juan 13:35.
92*a* Mat. 10:14; Lu. 9:5; D at T 60:15.
96*a* D at T 1:13–14.
*b* GBK Masama, Kasamaan.
97*a* Mat. 24:22.
98*a* Is. 52:8.
*b* Awit 96:1; Apoc. 15:3; D at T 25:12; 133:56. GBK Awitin.
*b* GBK Kaluwalhatian.
99*a* Apoc. 5:9; D at T 43:29.
*b* GBK Israel.
*c* GBK Hinirang, Pagkakahirang.
*d* GBK Biyaya.
*e* GBK Tipang Abraham.
100*a* Apoc. 20:2–3; D at T 43:31; 45:55; 88:110.
*b* Ef. 1:10; D at T 27:13.
*c* D at T 45:11–14; Moi. 7:62–64. GBK Sion.
*d* D at T 76:102; 88:96.
101*a* GBK Mundo.

At ang katotohanan ay itinatag
sa kanyang sisidlan;
At ang kalangitan ay ngumiti
sa kanya;
At siya ay nadaramitan ng [b]kaluwalhatian ng kanyang
Diyos;
Sapagkat siya ay nakatayo sa
gitna ng kanyang mga tao.
102 Kaluwalhatian, at karangalan, at kapangyarihan, at
lakas,
Ang maiukol sa ating Diyos; sapagkat siya ay puspos ng
[a]awa,
Katarungan, biyaya at katotohanan, at [b]kapayapaan,
Magpakailanman at walang
katapusan, Amen.
103 At muli, katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, kinakailangan na ang bawat tao na humahayo upang ipahayag ang aking walang hanggang ebanghelyo, na yayamang sila ay may mag-anak, at tumatanggap ng salapi sa pamamagitan ng handog, na ipadala nila ang mga ito sa kanila o gamitin ito para sa kanilang kapakinabangan, gaya ng itatagubilin ng Panginoon sa kanila, sapagkat nakikita kong ito ay makabubuti.
104 At lahat sila na walang mag-anak, na tumatanggap ng [a]salapi, ipadala ito sa obispo sa Sion, o sa obispo sa Ohio, upang ito ay mailaan para sa paglabas ng mga paghahayag at sa paglilimbag nito, at para sa pagtatatag ng Sion.
105 At kung sinuman ang magbibigay sa sinuman sa inyo ng tunika, o terno, kunin ang luma at ibigay ito sa mga [a]maralita at humayo kayong nagagalak.
106 At kung sinuman sa inyo ang malakas sa Espiritu, [a]isama niya siya na mahina, upang siya ay maliwanagan sa buong [b]kaamuan, upang siya ay maging malakas din.
107 Kaya nga, isama ninyo yaong inordenan sa [a]nakabababang pagkasaserdote, at isugo sila sa harapan ninyo upang gumawa ng mga tipanan at upang ihanda ang daan, at upang gampanan ang mga tipanan, na hindi ninyo kayang gampanan.
108 Masdan, ito ang pamamaraan kung paano ang aking mga apostol, noong unang panahon, ay itinayo ang aking simbahan para sa akin.
109 Samakatwid, ang bawat tao ay tumayo sa kanyang sariling katungkulan, at gumawa sa kanyang sariling tungkulin; at huwag sabihin ng ulo sa mga paa na hindi nito kailangan ang mga paa; sapagkat kung wala ang mga paa ay paano makatatayo ang katawan?
110 Gayon din ang katawan ay kailangan ang bawat [a]bahagi, upang ang lahat ay mapabanal na magkakasama, upang ang katawan ay mapanatiling ganap.

101*b* GBK Kaluwalhatian.
102*a* GBK Awa, Maawain.
*b* GBK Kapayapaan.
104*a* D at T 51:8–9, 12–13.
105*a* GBK Maralita—Maralita sa mga materyal na bagay.
106*a* GBK Pakikipagkapatiran.
*b* GBK Maamo, Kaamuan.
107*a* GBK Pagkasaserdoteng Aaron.
110*a* 1 Cor. 12:12–23.

111 At masdan, ang [a]matataas na saserdote ay nararapat maglakbay, at gayon din ang mga elder, at gayon din ang mga nakabababang [b]saserdote; subalit ang mga [c]diyakono at [d]guro ay dapat na italaga na [e]pangangalagaan ang simbahan, na maging mga tumatayong mangangaral sa simbahan.

112 At ang obispo, si Newel K. Whitney, ay dapat ding maglakbay sa palibot at sa buong simbahan, hinahanap ang mga maralita upang [a]paglingkuran sa kanilang mga pangangailangan sa pamamagitan ng [b]pagpapakumbaba ng mayayaman at mga palalo.

113 Dapat din siyang umupa ng isang [a]kinatawan upang mamahala at gawin ang kanyang hanapbuhay na walang kaugnayan sa relihiyon gaya ng kanyang itatagubilin.

114 Gayunman, magtungo ang obispo sa lunsod ng New York, gayon din sa lunsod ng Albany, at gayon din sa lunsod ng Boston, at balaan ang mga tao ng yaong mga lunsod na may tunog ng ebanghelyo, nang may malakas na tinig, sa [a]kapanglawan at ganap na pagkalipol na naghihintay sa kanila kung kanilang tatanggihan ang mga bagay na ito.

115 Sapagkat kung kanilang tatanggihan ang mga bagay na ito ang oras ng kanilang kahatulan ay nalalapit na, at ang kanilang bahay ay maiiwan sa kanilang [a]mapanglaw.

116 [a]Magtiwala siya sa akin at hindi siya [b]lilituhin; at ni isang [c]buhok sa kanyang ulo ay hindi malalaglag sa lupa nang hindi namamalayan.

117 At katotohanang sinasabi ko sa inyo, mga nalabi sa aking mga tagapaglingkod, humayo kayo habang ang pagkakataon ninyo ay nagtutulot, sa inyong maraming tungkulin, sa malalaki at tanyag na mga lunsod at nayon, pinagsasabihan ang sanlibutan sa kabutihan tungkol sa lahat ng kanilang hindi mabuti at makasalanang gawa, ipinaaalam nang malinaw at nauunawaan ang kapanglawan ng karumal-dumal na gawain sa mga huling araw.

118 Sapagkat, sa inyo ang wika ng Panginoong Pinakamakapangyarihan, aking [a]liligaligin ang kanilang mga kaharian; hindi ko lamang [b]yayanigin ang lupa, gayon din ang mabituing kalangitan ay manginginig.

119 Sapagkat ako, ang Panginoon, ay inilagay ang aking kamay upang gamitin ang mga kapangyarihan ng langit; hindi

111*a* GBK Mataas na Saserdote.
*b* GBK Saserdote, Pagkasaserdoteng Aaron.
*c* GBK Diyakono.
*d* GBK Guro, Pagkasaserdoteng Aaron.
*e* GBK Magbantay, Mga Tagabantay.
112*a* GBK Kapakanan.
*b* D at T 56:16.
113*a* D at T 90:22.
114*a* D at T 1:13–14.
115*a* Lu. 13:35.
116*a* GBK Pagtitiwala.
*b* Awit 22:5; 1 Ped. 2:6.
*c* Mat. 10:29–31.
118*a* Dan. 2:44–45.
*b* Joel 2:10; D at T 43:18; 45:33, 48; 88:87, 90. GBK Huling Araw, Mga; Palatandaan ng Panahon, Mga.

pa ninyo ito makikita ngayon, subalit sa ilang sandali pa at makikita ninyo ito, at malalaman na ako nga, at ako ay [a]parito at [b]maghahari sa aking mga tao.
120 Ako ang [a]Alpha at Omega, ang simula at ang wakas. Amen.

## BAHAGI 85

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Kirtland, Ohio, ika-27 ng Nobyembre 1832 (*History of the Church, *1:298–299). Ang bahaging ito ay hango sa liham ng Propeta kay W. W. Phelps, na naninirahan sa Independence, Missouri. Ito ay ibinigay upang sagutin ang mga katanungan tungkol sa yaong mga Banal na lumipat sa Sion subalit hindi pa nakatatanggap ng kanilang mga mana alinsunod sa itinatag na pamamaraan sa Simbahan.*

*1–5, Ang mga mana sa Sion ay kailangang matanggap sa pamamagitan ng paglalaan; 6–12, Isang makapangyarihan at malakas ang magbibigay sa mga Banal ng kanilang mana sa Sion.*

TUNGKULIN ng klerk ng Panginoon, na kanyang itinalaga, na mag-ingat ng kasaysayan, at isang pangkalahatang [a]talaan ng simbahan ng lahat ng bagay na nagaganap sa Sion, at ng lahat ng yaong [b]naglalaan ng mga ari-arian, at tumatanggap ng mga karampatang mana mula sa obispo;
2 At gayon din ang kanilang pamamaraan ng pamumuhay, ang kanilang pananampalataya, at mga gawain; at gayon din ng mga tao na ganap na tumalikod sa simbahan pagkaraang matanggap ang kanilang mga mana.
3 Salungat sa kalooban at kautusan ng Diyos na yaong hindi nakatatanggap ng kanilang mana sa pamamagitan ng [a]paglalaan, sang-ayon sa kanyang batas, na kanyang ibinigay, upang kanyang mapagbayad ang kanyang mga tao ng [b]ikapu, upang maihanda sila laban sa araw ng [c]paghihiganti at pagsusunog, ay nararapat na matala ang kanilang mga pangalan kasama ng mga tao ng Diyos.
4 Ni ang kanilang talaangkanan ay ingatan, o panatilihin saan man ito maaaring matagpuan sa alinman sa mga talaan o kasaysayan ng simbahan.
5 Ang kanilang mga pangalan ay hindi matatagpuan, ni ang mga pangalan ng mga ama, ni ang mga pangalan ng mga anak ay isulat sa [a]aklat ng batas ng Diyos, wika ng Panginoon ng mga Hukbo.

119*a* D at T 1:12, 35–36; 29:9–11; 45:59. GBK Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
*b* GBK Milenyo.
120*a* GBK Alpha at Omega.
**85** 1*a* D at T 21:1; 47:1; 69:3–6.
*b* D at T 42:30–35.
3*a* GBK Paglalaan, Batas ng Paglalaan.
*b* GBK Ikapu.
*c* Mal. 3:10–11, 17; D at T 97:25–26.
5*a* GBK Aklat ng Buhay.

6 Oo, gayon ang wika ng [a]marahan at banayad na tinig, na bumubulong at [b]tumatagos sa lahat ng bagay, at kadalasan ay pinanginginig ang aking mga buto habang ito ay nagpapahayag, sinasabing:

7 At ito ay mangyayari na ako, ang Panginoong Diyos, ay magpapadala ng isang makapangyarihan at malakas, hinahawakan ang setro ng kapangyarihan sa kanyang kamay, nadaramitan ng liwanag bilang panakip, kung kaninong bibig ay mangungusap ng mga salita, walang hanggang mga salita; samantalang ang kanyang mga sisidlan ay magiging bukal ng katotohanan, upang isaayos ang bahay ng Diyos, at upang ayusin sa pamamagitan ng bunutan ang mga mana ng mga banal na kung kaninong mga pangalan ay natagpuan, at ang mga pangalan ng kanilang mga ama, at ng kanilang mga anak, na nakatala sa aklat ng batas ng Diyos;

8 Samantalang ang taong yaon, na tinawag ng Diyos at itinalaga, na nag-unat ng kanyang kamay upang patatagin ang [a]arka ng Diyos, ay babagsak sa palaso ng kamatayan, tulad ng isang puno na tinamaan ng matatalim na palaso ng kidlat.

9 At lahat sila na hindi natagpuang nakasulat sa [a]aklat ng alaala ay hindi makasusumpong ng mana sa araw na yaon, kundi sila ay paghihiwalayin, at ang kanilang bahagi ay itatakda sa kanila sa mga taong di naniniwala, kung saan may [b]pananaghoy at pagngangalit ng ngipin.

10 Ang mga bagay na ito ay hindi ko sinasabi sa aking sarili; kaya nga, yamang ang Panginoon ay nangungusap, tutuparin din niya.

11 At sila na nasa Mataas na Pagkasaserdote, na ang mga pangalan ay hindi natagpuang nakasulat sa [a]aklat ng batas, o na natagpuang [b]tumalikod, o [c]iwinaksi mula sa simbahan, gayon din ang nakabababang pagkasaserdote, o ang mga kasapi, sa araw na iyon ay hindi makasusumpong ng mana kasama ng mga banal ng Kataastaasan;

12 Kaya nga, ito ay mangyayari sa kanila gaya sa mga anak ng saserdote, gaya ng matatagpuang nakatala sa ikalawang kabanata at animnapu't isa at dalawang talata ng Ezra.

## BAHAGI 86

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Kirtland, Ohio, ika-6 ng Disyembre 1832 (*History of the Church,

6*a* 1 Hari 19:11–12; Hel. 5:30–31; 3 Ne. 11:3–7.
*b* Heb. 4:12.
8*a* 2 Sam. 6:6–7; 1 Cron. 13:9–10. GBK Kaban ng Tipan.
9*a* 3 Ne. 24:16; Moi. 6:5–6. GBK Aklat ng Alaala.
*b* D at T 19:5.
11*a* GBK Aklat ng Buhay.
*b* GBK Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan.
*c* GBK Pagtitiwalag.

*1:300). Ang paghahayag na ito ay natanggap habang ang Propeta ay nagbabalik-aral at nagsasaayos ng manuskrito ng pagsasalin ng Biblia.*

*1–7, Ibinigay ng Panginoon ang kahulugan ng talinghaga ng trigo at mga agingay; 8–11, Kanyang ipinaliwanag ang mga pagpapala ng pagkasaserdote sa mga yaong karapat-dapat na mga tagapagmana ayon sa laman.*

KATOTOHANAN, ganito ang wika ng Panginoon sa inyo na aking mga tagapaglingkod, hinggil sa [a]talinghaga ng trigo at ng mga agingay:
2 Masdan, katotohanang sinasabi ko, ang bukid ang sanlibutan, at ang mga apostol ang mga tagapunla ng binhi;
3 At matapos silang makatulog ang matinding taga-usig ng simbahan, ang tao na ganap na tumalikod, ang patutot, maging ang [a]Babilonia, na nagpainom sa lahat ng bansa sa kanyang saro, sa kung kaninong mga puso ang kaaway, maging si Satanas, ay umuupo upang maghari—masdan pinupunla niya ang mga agingay; dahil dito, sinasakal ng mga agingay ang trigo at tinatangay ang [b]simbahan sa ilang.
4 Subalit masdan, sa mga [a]huling araw, maging ngayon habang ang Panginoon ay nagsisimulang ipalaganap ang salita, at ang dahon ay sumisibol at mura pa—
5 Masdan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang mga [a]anghel ay nagsusumamo sa Panginoon araw at gabi, na mga handa na at naghihintay na isugo upang [b]gapasin ang mga bukid;
6 Subalit sinabi ng Panginoon sa kanila, huwag bunutin ang mga agingay habang ang dahon ay mura pa (sapagkat katotohanang ang inyong pananampalataya ay mahina), at baka mawasak din ninyo ang trigo.
7 Samakatwid, palakihing magkakasama ang trigo at ang mga agingay hanggang sa panahon ng anihan ay ganap na mahinog; pagkatapos ay tipunin ninyo muna ang trigo mula sa mga agingay, at pagkatapos ng pagtitipon ng trigo, masdan at narito, ang mga agingay ay nakabungkos, at ang bukid ay maiiwan upang sunugin.
8 Kaya nga, gayon ang sinabi ng Panginoon sa inyo, kung kanino ang [a]pagkasaserdote ay nagpatuloy sa angkan ng inyong mga ama—
9 Sapagkat kayo ay mga karapat-dapat na [a]tagapagmana, ayon sa laman, at [b]naitago mula sa daigdig kasama ni Cristo sa Diyos—
10 Kaya nga ang inyong buhay at ang pagkasaserdote ay nanatili, at talagang kinakaila-

**86** 1*a* Mat. 13:6–43; D at T 101:64–67.
3*a* Apoc. 17:1–9. GBK Babel, Babilonia.
*b* Apoc. 12:6, 14.
4*a* GBK Huling Araw, Mga.
5*a* D at T 38:12.
*b* GBK Pag-aani.
8*a* D at T 113:8. GBK Pagkasaserdoteng Melquisedec.
9*a* Abr. 2:9–11. GBK Tipang Abraham.
*b* Is. 49:2–3.

ngang manatili sa pamamagitan ninyo at ng inyong angkan hanggang sa [a]pagpapanumbalik ng lahat ng bagay na sinabi sa pamamagitan ng mga bibig ng lahat ng banal na propeta sa simula pa ng daigdig.

11 Samakatwid, pinagpala kayo kung kayo ay mananatili sa aking kabutihan, isang [a]ilaw sa mga Gentil, at sa pamamagitan ng pagkasaserdoteng ito, tagapagligtas sa aking mga tao ng [b]Israel. Ang Panginoon ang nagsabi nito. Amen.

## BAHAGI 87

*Paghahayag at propesiya tungkol sa digmaan, ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, ika-25 ng Disyembre 1832 (*History of the Church, *1:301–302). Ang bahaging ito ay natanggap sa panahong ang mga kapatid ay nagmumuni-muni at nagpapaliwanagan tungkol sa pagkaalipin ng mga Aprikano sa lupalop ng Amerika at ang pagkaalipin ng mga anak ng tao sa buong daigdig.*

*1–4, Ang digmaan sa pagitan ng Hilagang Estado at Timog Estado ay inihayag; 5–8, Malalaking sakuna ang babagsak sa lahat ng naninirahan sa lupa.*

KATOTOHANAN, ganito ang wika ng Panginoon hinggil sa mga digmaan na di magtatagal ay darating na, simula sa paghihimagsik ng [a]Timog Carolina, na sa wakas ay matatapos sa kamatayan at paghihirap ng maraming kaluluwa;

2 At darating ang panahon na ang [a]digmaan ay ibubuhos sa lahat ng bansa, simula sa lugar na ito.

3 Sapagkat masdan, ang Timog Estado ay mahahati laban sa Hilagang Estado, at ang Hilagang Estado ay tatawag sa iba pang mga bansa, maging ang bansa ng Great Britain, gaya ng tawag dito, at sila rin ay tatawag sa iba pang mga bansa, upang ipagtanggol ang kanilang sarili laban sa ibang mga bansa; at pagkatapos ang [a]digmaan ay bubuhos sa lahat ng bansa.

4 At ito ay mangyayari, pagkaraan ng maraming araw, ang mga [a]alipin ay maghihimagsik laban sa kanilang mga panginoon, na isasaayos at didisiplinahin para sa digmaan.

5 At ito ay mangyayari rin na ang mga natira na naiwan sa lupain ay isasaayos ang kanilang sarili, at magiging labis ang galit, at gagambalain ang mga Gentil ng isang matinding paggambala.

6 At sa gayon, sa pamamagitan ng espada at ng pagdanak ng dugo ang mga naninirahan sa

10*a* Gawa 3:19–21.
GBK Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo.
11*a* Is. 49:6.
*b* D at T 109:59–67.
**87** 1*a* D at T 130:12–13.
2*a* Joel 3:9–16; Mat. 24:6–7; D at T 45:26, 63; 63:33.
3*a* D at T 45:68–69.
4*a* D at T 134:12.

mundo ay [a]magdadalamhati; at sa pamamagitan ng [b]taggutom, at salot, at lindol, at kulog sa langit, at matalim at matingkad na kidlat din, ay madarama ng mga naninirahan sa mundo ang poot, at pagngingitngit, at [c]nagpaparusang kamay ng isang Pinakamakapangyarihang Diyos, hanggang sa ang pagkaubos na ipinasiya ay magkaroon ng ganap na [d]katapusan ng lahat ng bansa;

7 Nang ang tangisan ng mga banal, at ng [a]dugo ng mga banal, ay hihinto ng pagpaparating sa mga tainga ng Panginoon ng [b]Sabaoth, mula sa lupa, upang ipaghiganti sa kanilang mga kaaway.

8 Dahil dito, [a]tumayo kayo sa mga banal na lugar, at huwag matinag, hanggang sa ang araw ng Panginoon ay dumating; sapagkat masdan, ito ay [b]dagling darating, wika ng Panginoon. Amen.

## BAHAGI 88

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Kirtland, Ohio, ika-27 ng Disyembre 1832 (*History of the Church, *1:302–312). Ito ay tinawag ng Propeta bilang " 'dahon ng olibo' . . .pinitas mula sa Puno ng Paraiso, ang mensahe ng Panginoon tungkol sa kapayapaan sa atin" (*History of the Church, *1:316). Makikita mula sa mga talaan ng kasaysayan na ang ilang bahagi ng paghahayag na ito ay natanggap noong ika-27 at 28 ng Disyembre 1832 at ika-3 ng Enero 1833.*

*1–5, Ang matatapat na Banal ay natatanggap ang yaong Mang-aaliw, na siyang pangako na buhay na walang hanggan; 6–13, Ang lahat ng bagay ay pinamamahalaan at pinamumunuan ng Liwanag ni Cristo; 14–16, Ang Pagkabuhay na mag-uli ay dumarating sa pamamagitan ng Pagtubos; 17–31, Pagiging masunurin sa selestiyal, terestriyal, o telestiyal na batas ay naghahanda sa mga tao para sa yaong kani-kanyang mga kaharian at kaluwalhatian; 32–35, Yaong mamamalagi sa kasalanan ay mananatiling marumi pa rin; 36–41, Lahat ng kaharian ay pinamamamahalaan ng batas; 42–45, Ang Diyos ay nagbibigay ng batas sa lahat ng bagay; 46–50, Mauunawaan ng tao maging ang Diyos; 51–61, Ang talinghaga ng tao na isinusugo ang kanyang mga utusan sa bukid at pagdalaw sa kanila; 62–73, Lumapit sa Panginoon, at makikita ninyo ang kanyang mukha; 74–80, Pabanalin ang inyong sarili at turuan ang bawat isa ng mga doktrina ng kaharian; 81–85, Bawat tao na nabigyang-babala*

6*a* D at T 29:14–21; 45:49.
*b* JS—M 1:29.
*c* GBK Parusa, Pagpaparusa.
*d* GBK Daigdig—Katapusan ng daigdig.
7*a* Eter 8:22–24.
*b* Sant. 5:4; D at T 88:2; 95:7.
8*a* Mat. 24:15; D at T 45:32; 101:21–22.
*b* Apoc. 3:11.

*ay dapat bigyang-babala ang kanyang kapwa; 86–94, Mga tanda, pag-aaklas ng mga elemento, at ang mga anghel ang naghahanda ng daan para sa pagparito ng Panginoon; 95–102, Mga pakakak ng mga anghel ang tatawag sa mga patay sa kanilang pagkakasunud-sunod; 103–116, Mga pakakak ng mga anghel ang magpapahayag ng pagpapanumbalik ng ebanghelyo, ang pagbagsak ng Babilonia, at ang digmaan ng dakilang Diyos; 117–126, Maghangad ng karunungan, magtayo ng bahay ng Diyos (isang templo), at damitan ang inyong sarili ng gapos ng pag-ibig sa kapwa tao; 127–141, Ang kaayusan ng Paaralan ng mga Propeta ay ipinaalam, kabilang ang ordenansa ng paghuhugas ng mga paa.*

KATOTOHANAN, ganito
ang wika ng Panginoon sa
inyo na sama-samang nagtipon
ng inyong sarili upang tangga-
pin ang kanyang kalooban hing-
gil sa inyo:
2 Masdan, ito ay nakalulugod
sa inyong Panginoon, at ang
mga anghel ay [a]nagsasaya sa
inyo; ang mga [b]limos ng inyong
mga panalangin ay nakarating
sa mga tainga ng Panginoon ng
[c]Sabaoth, at natatala sa [d]aklat ng
mga pangalan ng pinabanal, ma-
ging sila sa selestiyal na daigdig.
3 Dahil dito, ako ay nagpapa-
dala ngayon sa inyo ng isa pang
[a]Mang-aaliw, maging sa inyo na
aking mga kaibigan, upang ito
ay mamalagi sa inyong mga
puso, maging ang [b]Banal na Es-
piritu ng pangako; kung aling
iba pang Mang-aaliw ay siya
ring aking ipinangako sa aking
mga disipulo, gaya ng natatala
sa patotoo ni Juan.
4 Ang Mang-aaliw na ito ang
pangakong aking ibinigay sa
inyo na buhay na [a]walang hang-
gan, maging ang [b]kaluwalhat-
ian ng kahariang selestiyal;
5 Kung aling kaluwalhatian ay
yaong sa simbahan ng [a]Panga-
nay, maging ng Diyos, ang pi-
nakabanal sa lahat, sa pama-
magitan ni Jesucristo na kan-
yang Anak—
6 [a]Siya na umakyat sa itaas, na
siya ring [b]nagpakababa-baba sa
lahat ng bagay, sa gayon kan-
yang nauunawaan ang lahat ng
bagay, upang siya ay mapasa-
lahat at sumasalahat ng bagay,
ang [c]liwanag ng katotohanan;
7 Kung aling katotohanan ay
nagniningning. Ito ang [a]liwa-
nag ni Cristo. Gayon din siya
ay nasa araw, at ang liwanag
ng araw, at ang kapangyarihan
niyaon na sa pamamagitan nito
ito ay [b]nagawa.
8 Gayon din siya ay nasa bu-

**88** 2*a* Lu. 15:10.
*b* Gawa 10:1–4.
GBK Panalangin.
*c* Sant. 5:4; D at T 95:7.
*d* GBK Aklat ng Buhay.
3*a* Juan 14:16.
*b* D at T 76:53.
GBK Banal na Espiritu ng Pangako.
4*a* D at T 14:7.
*b* GBK Kaluwalhatiang Selestiyal.
5*a* GBK Panganay.
6*a* GBK Jesucristo.
*b* D at T 122:8.
GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala.
*c* D at T 93:2, 8–39.
GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo; Katotohanan.
7*a* Moro. 7:15–19; D at T 84:45.
*b* Gen. 1:16.
GBK Likha, Paglikha.

wan, at siya ang liwanag ng
buwan, at ang kapangyarihan
niyaon na sa pamamagitan nito
ito ay nagawa;
9 Gayon din ang liwanag ng
mga bituin, at ang kapangyari-
han niyaon na sa pamamagitan
nito ang mga ito ay nagawa;
10 At ang mundo rin, at ang
kapangyarihan niyaon, maging
ang mundo kung saan kayo
[a]nakatayo.
11 At ang liwanag na nagni-
ningning, na nagbibigay sa inyo
ng liwanag, ay sa pamamagitan
niya na nagbibigay-liwanag sa
inyong mga mata, na siya ring
liwanag na nagpapabilis ng in-
yong mga [a]pang-unawa;
12 Kung aling [a]liwanag ay
nanggagaling mula sa kinaroro-
onan ng Diyos upang [b]punuin
ang kalakhan ng kalawakan—
13 Ang liwanag na nasa [a]lahat
ng bagay, na nagbibigay ng
[b]buhay sa lahat ng bagay, na
siyang [c]batas kung saan ang
lahat ng bagay ay pinamamama-
halaan, maging ang kapangya-
rihan ng Diyos na nakaupo sa
kanyang luklukan, na nasa
sinapupunan ng kawalang-
hanggan, na nasa gitna ng
lahat ng bagay.
14 Ngayon, katotohanang sina-
sabi ko sa inyo, na sa pamama-
gitan ng [a]pagtubos na ginawa
para sa inyo ay isinakatuparan
ang pagkabuhay na mag-uli
mula sa mga patay.
15 At ang [a]espiritu at ang [b]ka-
tawan ang [c]kaluluwa ng tao.
16 At ang [a]pagkabuhay na
mag-uli mula sa mga patay ang
pagkakatubos ng kaluluwa.
17 At ang pagkakatubos ng
kaluluwa ay sa pamamagitan
niya na nagbibigay-buhay sa
lahat ng bagay, kung kaninong
sinapupunan ay ipinasiya na
ang mga [a]maralita at ang [b]maa-
amo ng [c]mundo ay magmama-
na nito.
18 Samakatwid, talagang ki-
nakailangang pabanalin mula
sa lahat ng kasamaan, upang
ito ay maihanda para sa [a]seles-
tiyal na kaluwalhatian;
19 Sapagkat pagkaraan na ga-
nap na magampanan ang layu-
nin ng paglikha nito, ito ay
puputungan ng [a]kaluwalhatian,
maging ng pagdalo ng Diyos
Ama;
20 Yaong mga katawan na na-
uukol sa kahariang selestiyal ay
[a]ariin ito magpakailanman at
walang katapusan; sapagkat,

10*a* Moi. 2:1.
11*a* GBK Pagkaunawa.
12*a* GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo.
*b* Jer. 23:24.
13*a* Col. 1:16–17.
*b* Deut. 30:20; D at T 10:70.
*c* Job 38; D at T 88:36–38. GBK Batas.
14*a* GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala; Plano ng Pagtubos.
15*a* GBK Tao, Mga Tao—Tao, espiritung anak ng Ama sa Langit; Espiritu.
*b* GBK Katawan.
*c* Gen. 2:7. GBK Kaluluwa.
16*a* Alma 11:42. GBK Pagkabuhay na Mag-uli.
17*a* GBK Maralita.
*b* GBK Maamo, Kaamuan.
*c* GBK Mundo—Huling kalagayan ng mundo.
18*a* GBK Kaluwalhatiang Selestiyal.
19*a* D at T 130:7–9.
20*a* D at T 38:20.

sa [b]layuning ito kaya ito ginawa at nilikha, at sa layuning ito sila [c]pinabanal.
21 At sila na hindi pinabanal sa pamamagitan ng batas na aking ibinigay sa inyo, maging ang batas ni Cristo, ay kailangang magmana ng ibang kaharian, maging yaong kahariang terestriyal, o yaong kahariang telestiyal.
22 Sapagkat siya na hindi makasusunod sa [a]batas ng isang kahariang selestiyal ay hindi makatitigil sa isang kaluwalhatiang selestiyal.
23 At siya na hindi makasusunod sa batas ng kahariang terestriyal ay hindi makatitigil sa isang kaluwalhatiang [a]terestriyal.
24 At siya na hindi makasusunod sa batas ng kahariang telestiyal ay hindi makatitigil sa isang kaluwalhatiang [a]telestiyal; kaya nga siya ay hindi nararapat para sa isang kaharian ng kaluwalhatian. Kaya nga siya ay kailangang mamalagi sa isang kaharian na hindi isang kaharian ng kaluwalhatian.
25 At muli, katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang [a]mundo ay sumusunod sa batas ng isang kahariang selestiyal, sapagkat ginagampanan nito ang hangganan ng paglikha nito, at hindi nilalabag ang batas—
26 Dahil dito, ito ay [a]pababanalin; oo, sa kabila ng ito ay [b]mamamatay, ito ay bubuhaying muli, at matatagalan ang kapangyarihang siyang bumuhay rito, at ang [c]mabubuti ay [d]magmamana nito.
27 Sapagkat sa kabila ng sila ay mamamatay, sila rin ay [a]magbabangong muli, isang [b]espirituwal na katawan.
28 Sila na may selestiyal na espiritu ay tatanggap ng yaon ding katawan na isang likas na katawan; maging inyong matatanggap ang inyong mga katawan, at ang inyong [a]kaluwalhatian ay yaong kaluwalhatian kung saan ang inyong mga katawan ay [b]bubuhayin.
29 Kayo na binubuhay ng ilang bahagi ng [a]kaluwalhatiang [b]selestiyal ay makatatanggap pagkatapos ng gayon din, maging isang kaganapan.
30 At sila na binubuhay ng ilang bahagi ng kaluwalhatiang [a]terestriyal ay makatatang-

20*b* Moi. 1:39.
GBK Tao, Mga Tao—Tao, may kakayahang maging katulad ng Ama sa Langit.
*c* GBK Pagpapabanal.
22*a* D at T 105:5.
23*a* GBK Kaluwalhatiang Terestriyal.
24*a* GBK Kaluwalhatiang Telestiyal.
25*a* GBK Mundo.
26*a* GBK Mundo—Huling kalagayan ng mundo.
*b* GBK Daigdig—Katapusan ng daigdig.
*c* 2 Ped. 3:11–14.
GBK Matwid, Katwiran.
*d* Mat. 5:5; D at T 45:58; 59:2; 63:49.
27*a* GBK Pagkabuhay na Mag-uli.
*b* 1 Cor. 15:44.
28*a* GBK Paghuhukom, Ang Huling.
*b* D at T 43:32; 63:51; 101:31.
29*a* GBK Kaluwalhatiang Selestiyal.
*b* GBK Tao, Mga Tao—Tao, may kakayahang maging katulad ng Ama sa Langit.
30*a* GBK Kaluwalhatiang Terestriyal.

gap pagkatapos ng gayon din,
maging isang kaganapan.
31 At gayon din sila na binubu-
hay ng ilang bahagi ng kaluwal-
hatiang [a]telestiyal ay makata-
tanggap pagkatapos ng gayon
din, maging isang kaganapan.
32 At sila na maiiwan ay
[a]bubuhayin rin; gayunman, sila
ay magbabalik muli sa kanilang
sariling lugar, upang tamasahin
yaong kanilang [b]handang tang-
gapin, dahil hindi sila handang
tamasahin yaong kanila sanang
tatanggapin.
33 Sapagkat ano ang kapakina-
bangan ng tao kung ang isang
handog ay ipinagkaloob sa kan-
ya, at hindi niya tinanggap ang
handog? Masdan, hindi siya nag-
sasaya sa yaong ibinigay sa kan-
ya, ni nasisiyahan sa kanya ang
siyang nagkaloob ng handog.
34 At muli, katotohanang si-
nasabi ko sa inyo, na yaong
pinamamahalaan ng batas ay
pinangangalagaan din ng batas
at ginagawang ganap at [a]pina-
babanal ng gayon din.
35 Yaong [a]lumalabag sa batas,
at hindi sumusunod sa batas,
sa halip ay naghahangad na
maging isang batas sa sarili
nito, at nakahandang manatili
sa kasalanan, at sa kalahatan
ay nananatili sa kasalanan, ay
hindi mapababanal ng batas,
ni ng [b]awa, [c]katarungan, o pag-
huhukom. Kaya nga, sila ay
kailangang manatiling [d]maru-
mi pa rin.
36 Lahat ng kaharian ay may
batas na ibinigay;
37 At may maraming [a]kahari-
an; sapagkat walang lugar na
walang naroroong kaharian; at
walang kaharian na walang na-
roroong lugar, maging isang
malaki o maliit na kaharian.
38 At ang bawat kaharian ay
binigyan ng [a]batas; at sa bawat
batas ay may mga hangganan
din at mga batayan.
39 Lahat ng tao na hindi naka-
pananatili sa mga [a]batayang
iyon ay hindi [b]mabibigyang-
katwiran.
40 Sapagkat ang [a]katalinuhan
ay kumukunyapit sa katalinu-
han; [b]karunungan ay tumatang-
gap ng karunungan; [c]katotoha-
nan ay yumayakap sa katoto-
hanan; [d]karangalan ay nagma-
mahal sa karangalan; [e]liwanag
ay kumukunyapit sa liwanag;
awa ay may [f]habag sa awa at
inaangkin ang kanya; kataru-
ngan ay nagpapatuloy sa kan-
yang ginagalawan at inaang-
kin ang kanya; paghuhukom
ay magpapauna sa harapan ng
kanyang mukha na kung sino

31*a* GBK Kaluwalhatiang Telestiyal.
32*a* Alma 11:41–45.
*b* GBK Kalayaang Mamili.
34*a* GBK Pagpapabanal.
35*a* GBK Paghihimagsik.
*b* GBK Awa, Maawain.
*c* GBK Katarungan.
*d* Apoc. 22:11; 1 Ne. 15:33–35; 2 Ne. 9:16; Alma 7:21.
37*a* D at T 78:15.
38*a* D at T 88:13.
39*a* D at T 130:20–21.
*b* GBK Pagbibigay-katwiran, Pangatwiranan.
40*a* GBK Katalinuhan, Mga Katalinuhan.
*b* GBK Karunungan.
*c* GBK Katotohanan.
*d* GBK Kabaitan.
*e* GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo.
*f* GBK Pagkahahabag.

na nakaupo sa luklukan at namamahala at nagsasagawa ng lahat ng bagay.
41 [a]Nauunawaan niya ang lahat ng bagay, at lahat ng bagay ay nasa harapan niya, at lahat ng bagay ay nasa paligid niya; at siya ay nasa itaas ng lahat ng bagay, at napapasalahat ng bagay, at sumasa lahat ng bagay, at nasa paligid ng lahat ng bagay; at lahat ng bagay ay ginawa niya, at mula sa kanya, maging ang Diyos, magpakailanman at walang katapusan.
42 At muli, katotohanang sinasabi ko sa inyo, siya ay nagbigay ng batas sa lahat ng bagay, kung paano sila kumikilos sa kanilang mga [a]sandali at kanilang mga panahon;
43 At ang kanilang mga ginagalawan ay hindi mababago, maging ang mga ginagalawan ng langit at ng lupa, na nakauunawa sa lupa at sa lahat ng planeta.
44 At sila ay nagbibigay ng [a]liwanag sa bawat isa sa kanilang mga sandali at sa kanilang mga panahon, sa kanilang mga minuto, sa kanilang mga oras, sa kanilang mga araw, sa kanilang mga linggo, sa kanilang mga buwan, sa kanilang mga taon—lahat ito ay [b]isang taon sa Diyos, subalit hindi sa tao.
45 Ang mundo ay umiinog sa kanyang mga pakpak, at ang [a]araw ay nagbibigay ng kanyang liwanag sa umaga, at ang buwan ay nagbibigay ng kanyang liwanag sa gabi, at ang mga bituin din ay nagbibigay ng kanilang liwanag, habang sila ay umiinog sa kanilang mga pakpak sa kanilang kaluwalhatian, sa gitna ng [b]kapangyarihan ng Diyos.
46 Sa ano ko ihahalintulad ang mga kahariang ito, upang kayo ay makaunawa?
47 Masdan, lahat ng ito ay mga kaharian, at sinumang tao ang makakita ng anuman o ng pinakamaliit nito ay [a]nakikita ang Diyos na gumagalaw sa kanyang kamahalan at kapangyarihan.
48 Sinasabi ko sa inyo, kanyang nakikita siya; gayunman, siya na naparoon sa [a]sariling kanya ay hindi naunawaan.
49 Ang [a]ilaw ay nagliliwanag sa kadiliman, at ang kadiliman ay hindi ito nauunawaan; gayunman, darating ang araw na inyong [b]mauunawaan maging ang Diyos, sapagkat binuhay sa kanya at sa pamamagitan niya.
50 Pagkatapos ay malalaman ninyo na inyong nakita ako, na ako nga, at na ako ang tunay na liwanag na nasa inyo, at kayo ay nasa akin; kung hindi kayo ay hindi mananagana.

41*a* 1 Juan 3:20; 1 Ne. 9:6; 2 Ne. 9:20; D at T 38:1–3.
42*a* Dan. 2:20–22; Abr. 3:4–19.
44*a* GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo.
*b* Awit 90:4; 2 Ped. 3:8.
45*a* Gen. 1:16; Abr. 4:16.
*b* D at T 88:7–13.
47*a* Alma 30:44; Moi. 1:27–28; 6:63; Abr. 3:21.
48*a* Juan 1:11; 3 Ne. 9:16; D at T 39:1–4.
49*a* D at T 6:21; 50:23–24; 84:45–47.
*b* Juan 17:3; D at T 93:1, 28.

51 Masdan, aking ihahalintu-
lad ang mga kahariang ito sa
isang tao na may isang bukid,
at kanyang isinugo ang kan-
yang mga utusan sa bukid
upang magbungkal sa bukid.
52 At kanyang sinabi sa una:
Magtungo ka at gumawa sa bu-
kid, at sa unang oras ako ay pa-
tutungo sa iyo, at iyong mama-
malas ang kagalakan sa aking
mukha.
53 At kanyang sinabi sa pa-
ngalawa: Magtungo ka rin sa
bukid, at sa pangalawang oras
ikaw ay aking dadalawing may
kagalakan sa aking mukha.
54 At gayon din sa pangatlo,
sinasabing: Ikaw ay aking da-
dalawin;
55 At sa pang-apat, at sa iba pa
hanggang sa panlabindalawa.
56 At ang panginoon ng bukid
ay nagtungo sa una sa unang
oras, at nanatili sa kanya sa bu-
ong oras na yaon, at siya ay na-
gawang magalak sa liwanag ng
mukha ng kanyang panginoon.
57 At pagkatapos siya ay lu-
misan mula sa una upang siya
ay makadalaw rin sa pangala-
wa, at sa pangatlo, at sa pang-
apat, at sa iba pa hanggang sa
panlabindalawa.
58 At sa gayon natanggap ni-
lang lahat ang liwanag ng
mukha ng kanilang panginoon,
bawat tao sa kanyang oras, at
sa kanyang sandali, at sa kan-
yang panahon—
59 Simula sa una, at nagpatu-
loy hanggang sa [a]huli, at mula
sa huli hanggang sa una, at
magmula sa una hanggang sa
huli;
60 Bawat tao sa kanyang
sariling pagkakasunud-sunod,
hanggang sa ang kanyang oras
ay matapos, maging alinsunod
sa ipinag-utos ng kanyang pa-
nginoon sa kanya, upang ang
kanyang panginoon ay malu-
walhati sa kanya, at siya sa
kanyang panginoon, upang si-
lang lahat ay maluwalhati.
61 Kaya nga, sa talinghagang
ito ko ihahalintulad ang lahat
ng kahariang ito, at ang mga
[a]naninirahan dito—bawat ka-
harian sa oras nito, at sa sandali
nito, at sa panahon nito, maging
alinsunod sa utos na ginawa ng
Diyos.
62 At muli, katotohanang si-
nasabi ko sa inyo, aking mga
[a]kaibigan, iniiwan ko ang mga
pananalitang ito sa inyo upang
[b]bulay-bulayin sa inyong mga
puso, lakip ang kautusang ito
na aking ibinibigay sa inyo, na
kayo ay [c]mananawagan sa akin
habang ako ay malapit—
63 [a]Magsilapit sa akin at ako
ay lalapit sa inyo; masigasig
akong [b]hanapin at inyo akong
[c]matatagpuan; humingi, at kayo
ay makatatanggap; kumatok, at
kayo ay pagbubuksan.
64 Anuman ang inyong [a]hi-
ngin sa Ama sa aking pangalan

59*a* Mat. 20:1–16.
61*a* D at T 76:24.
62*a* D at T 84:63; 93:45.
*b* GBK Pagbulay-bulay.
*c* Is. 55:6; Sant. 1:5;
D at T 46:7.
63*a* Zac. 1:3;
Sant. 4:8;
Apoc. 3:20.
*b* 1 Cron. 28:9;
Eter 12:41;
D at T 101:38.
*c* D at T 4:7; 49:26.
64*a* GBK Panalangin.

ito ay ibibigay sa inyo, na
[b]kapaki-pakinabang sa inyo;
65 At kung kayo ay hihingi ng
anumang bagay na hindi
[a]kapaki-pakinabang sa inyo,
ito ay mauuwi sa inyong [b]ka-
parusahan.
66 Masdan, yaong inyong na-
ririnig ay gaya ng [a]tinig ng
isang nangangaral sa ilang—
sa ilang, dahil hindi ninyo siya
nakikita—ang aking tinig, sa-
pagkat ang aking tinig ay [b]Es-
piritu; ang aking Espiritu ay
katotohanan; ang [c]katotohanan
ay magpapatuloy at walang
katapusan; at kung ito ay nasa
inyo ito ay mananagana.
67 At kung ang inyong mata
ay [a]nakatuon sa aking [b]kalu-
walhatian, ang inyong buong
katawan ay mapupuno ng li-
wanag, at walang magiging
kadiliman sa inyo; at yaong
katawan na puno ng liwanag
ay [c]nakauunawa sa lahat ng
bagay.
68 Samakatwid, [a]pabanalin
ang inyong sarili upang ang in-
yong mga [b]isipan ay matuon sa
Diyos, at darating ang mga
araw na inyo siyang [c]makikita;
sapagkat kanyang aalisin ang
tabing ng kanyang mukha sa
inyo, at iyon ay sa kanyang sa-
riling panahon, at sa kanyang
sariling pamamaraan, at alin-
sunod sa kanyang sariling ka-
looban.
69 Tandaan ang dakila at hu-
ling pangako na aking ginawa
sa inyo; itakwil ang inyong
mga [a]walang kabuluhang inii-
sip at ang inyong labis na [b]pag-
tawa mula sa inyo.
70 Manatili kayo, manatili
kayo sa lugar na ito, at tuma-
wag ng isang kapita-pitagang
kapulungan, maging ng mga
yaong unang manggagawa sa
huling kahariang ito.
71 At manawagan sa Pangino-
on yaong kanilang binigyan ng
[a]babala sa kanilang paglalak-
bay, at pagbulay-bulayin ang
babala sa kanilang mga puso
na kanilang natanggap, sa ma-
ikling panahon.
72 Masdan, at narito, aking
aalagaan ang inyong mga ka-
wan, at magbabangon ng mga
elder at magsusugo sa kanila.
73 Masdan, aking mamadaliin
ang aking gawain sa panahon
nito.
74 At aking ibinibigay sa inyo,
na mga unang [a]manggagawa
sa huling kahariang ito, ang
isang kautusan na sama-samang
tipunin ninyo ang inyong sari-
li, at ayusin ang inyong sarili,
at ihanda ang inyong sarili, at

64*b* D at T 18:18; 46:28–30.
65*a* Sant. 4:3.
*b* D at T 63:7–11.
66*a* Is. 40:3; 1 Ne. 17:13; Alma 5:37–38; D at T 128:20.
*b* GBK Espiritu Santo; Ilaw, Liwanag ni Cristo.
*c* GBK Katotohanan.
67*a* Mat. 6:22; Lu. 11:34–36; D at T 82:19.
*b* Juan 7:18.
*c* Kaw. 28:5; D at T 93:28. GBK Pagkilala, Kaloob na.
68*a* GBK Pagpapabanal.
*b* GBK Isipan.
*c* D at T 67:10–13; 93:1; 97:15–17.
69*a* Mat. 12:36; Mos. 4:29–30; Alma 12:14.
*b* D at T 59:15; 88:121.
71*a* GBK Babala, Binalaan.
74*a* Mat. 20:1, 16.

[b]pabanalin ang inyong sarili; oo, dalisayin ang inyong mga puso, at [c]linisin ang inyong mga kamay at inyong mga paa sa harapan ko, upang akin kayong gawing [d]malinis;

75 Upang ako ay makapagpatotoo sa inyong [a]Ama, at inyong Diyos, at aking Diyos, na kayo ay malinis mula sa dugo ng masamang salinlahing ito; upang aking matupad ang pangakong ito, ang dakila at huling pangakong ito, na aking ginawa sa inyo, kung kailan nanaisin ko.

76 Gayon din, binibigyan ko kayo ng isang kautusan na kayo ay magpatuloy sa [a]panalangin at [b]pag-aayuno mula sa panahong ito.

77 At binibigyan ko kayo ng kautusan na [a]turuan ninyo ang isa't isa ng [b]doktrina ng kaharian.

78 Masigasig kayong magturo at ang aking [a]biyaya ay dadalo sa inyo, upang kayo ay lalong ganap na [b]matagubilinan sa teoriya, sa alituntunin, sa doktrina, sa batas ng ebanghelyo, sa lahat ng bagay na nauukol sa kaharian ng Diyos, na kapaki-pakinabang ninyong maunawaan;

79 Ng mga bagay maging sa [a]langit at sa lupa, at sa ilalim ng lupa; mga bagay na nangyari na, mga bagay na nangyayari, mga bagay na malapit nang mangyari; mga bagay na nasa tahanan, mga bagay na nasa ibang bansa; ang mga [b]digmaan at ang mga bumabagabag sa mga bansa, at ang mga kahatulan na nasa lupa; at kaalaman din tungkol sa mga bansa at sa mga kaharian—

80 Upang kayo ay maging handa sa lahat ng bagay kapag kayo ay muli kong isusugo upang gawin ang tungkulin kung saan ko kayo tinawag, at ang misyon na aking iniatas sa inyo.

81 Masdan, isinugo ko kayo upang [a]magpatotoo at balaan ang mga tao, at nababagay lamang sa bawat tao na nabigyang-babala na [b]balaan ang kanyang kapwa.

82 Samakatwid, sila ay naiwang walang kadahilanan, at ang kanilang mga kasalanan ay nasa kanilang sariling mga ulo.

83 Siya na [a]naghahanap sa akin nang [b]maaga ay matatagpuan ako, at hindi pababayaan.

84 Samakatwid, manatili kayo, at masigasig na gumawa, upang kayo ay magawang ganap sa inyong ministeryo na humayo sa

---

74*b* Lev. 20:7–8; 3 Ne. 19:28–29; D at T 50:28–29; 133:62.
*c* GBK Malinis at Hindi Malinis.
*d* Eter 12:37.
75*a* GBK Diyos, Panguluhang Diyos—Diyos Ama; Ama sa Langit; Tao, Mga Tao—Tao, espiritung anak ng Ama sa Langit.
76*a* GBK Panalangin.
*b* GBK Ayuno, Pag-aayuno.
77*a* GBK Turuan, Guro.
*b* GBK Doktrina ni Cristo.
78*a* GBK Biyaya.
*b* D at T 88:118; 90:15; 93:53.
79*a* GBK Langit.
*b* GBK Digmaan.
81*a* GBK Magpatotoo.
*b* D at T 63:58. GBK Babala, Binalaan.
83*a* Deut. 4:29–31; Jer. 29:12–14; D at T 54:10.
*b* Alma 37:35.

mga [a]Gentil sa huling pagkaka-
taon, kasindami ng tatawagin
ng bibig ng Panginoon, upang
[b]talian ang kautusan at tatakan
ang patotoo, at upang ihanda
ang mga banal para sa oras ng
paghuhukom na darating;
85 Upang ang kanilang mga
kaluluwa ay makatakas sa poot
ng Diyos, ang [a]kapanglawan ng
karumal-dumal na gawa na
naghihintay sa masasama, ma-
ging sa daigdig na ito at sa daig-
dig na darating. Katotohanan,
sinasabi ko sa inyo, magpatu-
loy ang yaong hindi kasama sa
mga unang elder sa ubasan
hanggang sa sila ay [b]tawagin
ng bibig ng Panginoon, sapag-
kat ang kanilang panahon ay
hindi pa dumarating; ang kani-
lang mga kasuotan ay hindi
[c]malinis mula sa dugo ng salin-
lahing ito.
86 Mamalagi kayo sa [a]kalayaan
kung saan kayo ay ginawang
[b]malaya; huwag [c]isangkot ang
inyong sarili sa [d]kasalanan,
kundi gawing [e]malinis ang in-
yong mga kamay, hanggang sa
pumarito ang Panginoon.
87 Sapagkat hindi na mara-
ming araw mula ngayon at ang
[a]mundo ay [b]manginginig at gi-
giray na parang lasing na tao;
at ang [c]araw ay itatago ang
kanyang mukha, at tatangging
magbigay ng liwanag; at ang
buwan ay maliligo sa [d]dugo; at
ang mga [e]bituin ay magagalit
nang matindi, at ihuhulog nito
ang sarili sa ibaba gaya ng
isang igos na nalaglag mula sa
puno ng igos.
88 At pagkaraan ng inyong pa-
totoo ay sasapit ang pagkapoot
at pagngingitngit sa mga tao.
89 Sapagkat pagkaraan ng in-
yong patotoo ay sasapit ang
patotoo ng mga [a]paglindol, na
magiging sanhi ng mga pagda-
ing sa gitna niya, at ang mga
tao ay babagsak sa lupa at hin-
di makatatayo.
90 At sasapit din ang patotoo
ng [a]tinig ng mga kulog, at ang
tinig ng mga kidlat, at ang tinig
ng mga unos, at ang tinig ng
mga alon sa dagat na iaalon
nito ang sarili na lagpas sa mga
hangganan nito.
91 At lahat ng bagay ay [a]mag-
kakagulo; at tiyak, magsisipan-
lupaypay ang mga puso ng tao;
sapagkat ang takot ay mapapa-
salahat ng tao.
92 At ang mga [a]anghel ay lili-
pad sa gitna ng langit, sumisi-
gaw sa malakas na tinig, pina-
tutunog ang pakakak ng Diyos,

84*a* JS—K 1:41.
*b* Is. 8:16–17.
85*a* Mat. 24:15.
*b* D at T 11:15.
*c* 1 Ne. 12:10–11; Jac. 1:19; 2:2; D at T 112:33. GBK Dalisay, Kadalisayan.
86*a* Mos. 5:8. GBK Malaya, Kalayaan.
*b* Juan 8:36. GBK Kalayaang Mamili; Malaya, Kalayaan.
*c* Gal. 5:1.
*d* GBK Kasalanan.
*e* Job 17:9; Awit 24:4; Alma 5:19.
87*a* Is. 13:4–13.
*b* D at T 43:18.
*c* Joel 2:10; D at T 45:42; 133:49.
*d* Apoc. 6:12.
*e* Joel 3:15.
89*a* D at T 45:33.
90*a* Apoc. 8:5; D at T 43:17–25.
91*a* D at T 45:26.
92*a* Apoc. 8:13; D at T 133:17.

sinasabing: Maghanda kayo,
maghanda kayo, O mga nanini-
rahan sa mundo; sapagkat ang
paghuhukom ng ating Diyos ay
dumating na. Masdan, at nari-
to, ang [b]Lalaking kasintahan ay
dumarating na; lumabas kayo
upang salubungin siya.
93 At kaagad ay may lilitaw
na [a]dakilang tanda sa langit, at
lahat ng tao ay sama-samang
makikita ito.
94 At isa pang anghel ang
magpapatunog ng kanyang pa-
kakak, sinasabing: Yaong [a]ma-
kapangyarihang [b]simbahan, ang
[c]ina ng mga karumal-dumal na
gawa, na nagpainom sa lahat ng
bansa ng alak ng poot ng kan-
yang [d]pangangalunya, na umu-
usig sa mga banal ng Diyos, na
nagpadanak ng kanilang dugo—
siya na nakaupo sa maraming
tubig, at sa ibabaw ng mga
pulo ng dagat—masdan, siya
ang [e]agingay ng mundo; siya
ay nakagapos sa mga talaksan;
ang kanyang mga gapos ay gi-
nawang matibay, walang sinu-
mang tao ang makakakalag ng
mga ito; samakatwid, siya ay
handa nang [f]sunugin. At kan-
yang patutunugin ang kanyang
pakakak nang matagal at mala-
kas, at lahat ng bansa ay maka-
ririnig nito.
95 At magkakaroon ng [a]kata-
himikan sa langit nang may
kalahating oras; at kaagad pag-
karaan nito ang tabing ng langit
ay mahahawi, gaya ng isang
[b]lulong papel na iniladlad ma-
tapos itong ibalumbon, at ang
[c]mukha ng Panginoon ay ma-
hahawian ng tabing;
96 At ang mga banal na nasa
mundo, na buhay, ay magba-
bagong-anyo at [a]aangat upang
salubungin siya.
97 At sila na tulog sa kanilang
mga libingan ay [a]babangon,
sapagkat ang kanilang mga li-
bingan ay bubuksan; at sila rin
ay aangat upang salubungin
siya sa pagitan ng haligi ng
langit—
98 Sila ay kay Cristo, ang mga
[a]unang bunga, sila na bababang
kasama niyang una, at sila na
nasa lupa at sa kanilang mga li-
bingan, na mga unang aangat
upang salubungin siya; at lahat
ng ito sa pamamagitan ng pag-
papatunog ng pakakak ng ang-
hel ng Diyos.
99 At pagkaraan nito isa pang
anghel ang magpapatunog, na
siyang pangalawang pakakak;
at pagkatapos ay darating ang
pagtubos ng mga yaong kay
Cristo sa kanyang pagparito;
na tumanggap ng kanilang ba-

92*b* Mat. 25:1–13; D at T 33:17; 133:10, 19.
93*a* Mat. 24:30; Lu. 21:25–27. GBK Palatandaan ng Panahon, Mga.
94*a* 1 Ne. 13:4–9.
*b* GBK Diyablo—Ang simbahan ng diyablo.
*c* Apoc. 17:5.
*d* Apoc. 14:8.
*e* Mat. 13:38.
*f* D at T 64:23–24; 101:23–25. GBK Mundo—Paglilinis ng mundo.
95*a* D at T 38:12.
*b* Apoc. 6:14.
*c* GBK Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
96*a* 1 Tes. 4:16–17.
97*a* D at T 29:13; 45:45–46; 133:56. GBK Pagkabuhay na Mag-uli.
98*a* 1 Cor. 15:23.

hagi sa yaong [a]bilangguan na inihanda para sa kanila, upang kanilang matanggap ang ebanghelyo, at [b]mahatulan ayon sa mga tao sa laman.

100 At muli, isa pang pakakak ang tutunog, na siyang pangatlong pakakak; at pagkatapos ay darating ang mga [a]espiritu ng mga taong hahatulan, at natagpuang nasa ilalim ng [b]kaparusahan;

101 At sila ang mga natira sa mga [a]patay; at sila ay hindi muling mabubuhay hanggang sa ang ika-[b]isanlibong taon ay matapos, ni hindi na muli, hanggang sa katapusan ng mundo.

102 At isa pang pakakak ang tutunog, na siyang pang-apat na pakakak, sinasabing: May natagpuan sa mga yaong mamamalagi hanggang sa yaong dakila at huling araw, maging sa katapusan, na mamamalaging [a]marumi pa rin.

103 At isa pang pakakak ang tutunog, na siyang panlimang pakakak, na siyang panlimang anghel na pinagkatiwalaan ng [a]walang hanggang ebanghelyo—na lumilipad sa gitna ng langit, sa lahat ng bansa, lahi, wika at tao;

104 At ito ang magiging tunog ng kanyang pakakak, sinasabi sa lahat ng tao, maging sa langit at sa lupa, at yaong nasa ilalim ng lupa—sapagkat [a]bawat tainga ay makaririnig nito, at bawat tuhod ay [b]luluhod, at bawat dila ay magtatapat, habang kanilang naririnig ang tunog ng pakakak, sinasabing: [c]Matakot sa Diyos, at magbigay luwalhati sa kanya na nakaupo sa luklukan, magpakailanman at walang katapusan; sapagkat ang oras ng paghuhukom ay dumating na.

105 At muli, isa pang anghel ang magpapatunog ng kanyang pakakak, na siyang pang-anim na anghel, sinasabing: Siya ay [a]bumagsak na nagpainom sa lahat ng bansa ng alak ng poot ng kanyang pangangalunya; siya ay bumagsak, bumagsak!

106 At muli, isa pang anghel ang magpapatunog ng kanyang pakakak, na siyang pampitong anghel, sinasabing: Tapos na; tapos na! Ang [a]Kordero ng Diyos ay [b]nanaig at [c]niyapakang mag-isa ang pisaan ng alak, maging ang pisaan ng alak ng kabagsikan ng poot ng Pinakamakapangyarihang Diyos.

107 At pagkatapos ang mga anghel ay puputungan ng kaluwalhatian ng kanyang kapangyarihan, at ang mga [a]banal ay

---

99*a* D at T 76:73; 138:8. GBK Kaligtasan para sa mga Patay.
*b* 1 Ped. 4:6.
100*a* Apoc. 20:12–13; Alma 11:41; D at T 43:18; 76:85.
*b* GBK Kaparusahan, Parurusahan.
101*a* Apoc. 20:5.
*b* GBK Milenyo.
102*a* GBK Marumi, Karumihan.
103*a* Apoc. 14:6–7. GBK Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo.
104*a* Apoc. 5:13.
*b* Is. 45:23; Fil. 2:9–11.
*c* GBK Takot—Takot sa Diyos; Paggalang.
105*a* Apoc. 14:8; D at T 1:16.
106*a* GBK Kordero ng Diyos.
*b* 1 Cor. 15:25.
*c* Is. 63:3–4; Apoc. 19:15; D at T 76:107; 133:50.
107*a* GBK Banal (pangngalan).

mapupuspos ng kanyang [b]kalu-
walhatian, at tatanggapin ang
kanilang [c]mana at gagawing
[d]pantay sa kanya.
108 At pagkatapos ang unang
anghel muli ay magpapatunog
ng kanyang pakakak sa mga ta-
inga ng lahat ng kinapal, at
[a]ibubunyag ang mga lihim na
gawa ng tao, at ang mga maka-
pangyarihang gawa ng Diyos
sa [b]unang isanlibong taon.
109 At pagkatapos ang panga-
lawang anghel ay magpapatu-
nog ng kanyang pakakak, at
ibubunyag ang mga lihim na
gawa ng tao, at ang mga saloo-
bin at layunin ng kanilang mga
puso, at ang mga makapangya-
rihang gawa ng Diyos sa pa-
ngalawang isanlibong taon—
110 At mga susunod pa, hang-
gang sa ang pampitong anghel
ay magpapatunog ng kanyang
pakakak; at siya ay tatayo sa
ibabaw ng lupa at sa ibabaw ng
dagat, at manunumpa sa panga-
lan niya na nakaupo sa luklu-
kan, na wala nang [a]panahon pa;
at si [b]Satanas ay igagapos, ya-
ong matandang ahas, na tinata-
wag na diyablo, at hindi kakala-
gan sa loob ng [c]isanlibong taon.
111 At pagkatapos siya ay [a]ka-
kalagan ng maikling panahon,
upang kanyang makalap ang
kanyang mga hukbo.
112 At si [a]Miguel, ang pampi-
tong anghel, maging ang ar-
kanghel, ay kakalapin ang kan-
yang mga hukbo, maging ang
mga hukbo ng langit.
113 At ang diyablo ay kakala-
pin ang kanyang mga hukbo;
maging ang mga hukbo ng im-
piyerno, at sasalakay upang ma-
kidigma kay Miguel at sa kan-
yang mga hukbo.
114 At pagkatapos ay sasa-
pit ang [a]digmaan ng dakilang
Diyos; at ang diyablo at ang
kanyang mga hukbo ay itatapon
sa kanilang sariling lugar, kung
kaya't sila ay hindi na magka-
karoon ng kapangyarihan sa
mga banal kailanman.
115 Sapagkat si Miguel ang ma-
kikipaglaban sa kanilang mga
digmaan, at madadaig siya na
[a]naghahangad ng luklukan niya
na nakaupo sa luklukan, ma-
ging ang Kordero.
116 Ito ang kaluwalhatian ng
Diyos, at ng [a]pinabanal; at sila
ay hindi na kailanman makaki-
kita ng [b]kamatayan.
117 Kaya nga, katotohanang
sinasabi ko sa inyo, aking mga
[a]kaibigan, tawagin ang inyong
kapita-pitagang kapulungan,
gaya ng aking ipinag-utos sa
inyo.
118 At yayamang lahat ay wa-
lang pananampalataya, masi-

107*b* GBK Kaluwalhatiang Selestiyal.
*c* GBK Kadakilaan.
*d* D at T 76:95.
108*a* Alma 37:25; D at T 1:3.
*b* D at T 77:6–7.
110*a* D at T 84:100.
*b* Apoc. 20:1–3; 1 Ne. 22:26; D at T 101:28. GBK Diyablo.
*c* GBK Milenyo.
111*a* D at T 29:22; 43:30–31.
112*a* GBK Miguel.
114*a* Apoc. 16:14.
115*a* Is. 14:12–17; Moi. 4:1–4.
116*a* GBK Kadakilaan; Pagpapabanal.
*b* Apoc. 21:4; Alma 11:45; 12:18; D at T 63:49. GBK Kawalang-kamatayan, Walang Kamatayan.
117*a* D at T 109:6.

gasig na maghanap at [a]turuan
ang bawat isa ng mga salita ng
[b]karunungan; oo, maghanap
kayo sa mga pinakamabubu-
ting [c]aklat ng mga salita ng ka-
runungan; maghangad na ma-
tuto, maging sa pamamagitan
ng pag-aaral at gayon din sa
pamamagitan ng pananampa-
lataya.
119 Isaayos ang inyong sarili;
ihanda ang bawat kinakaila-
ngang bagay; at magtayo ng
isang [a]bahay, maging isang ba-
hay ng panalanginan, isang ba-
hay ng pag-aayuno, isang bahay
ng pananampalataya, isang ba-
hay ng pagkakatuto, isang ba-
hay ng kaluwalhatian, isang
bahay ng kaayusan, isang ba-
hay ng Diyos.
120 Upang ang inyong mga
pagpasok ay sa pangalan ng
Panginoon; upang ang inyong
mga paglabas ay sa pangalan
ng Panginoon; upang ang la-
hat ng inyong pagbati ay sa
pangalan ng Panginoon, na
nakataas ang mga kamay sa
Kataas-taasan.
121 Kaya nga, [a]tumigil sa la-
hat ng inyong mababababaw na
pananalita, mula sa lahat ng
[b]halakhak, mula sa lahat ng in-
yong [c]mahahalay na pagnana-
sa, mula sa lahat ng inyong
[d]kapalaluan at mababaw na
pag-iisip, at mula sa lahat ng
inyong masasamang gawain.
122 Magtalaga sa inyo ng isang
guro, at huwag maging mga ta-
gapagsalita ang lahat kaagad;
sa halip magsalita nang isa-isa
at makinig ang lahat sa kanyang
sinasabi, upang kapag ang lahat
ay nakapagsalita na ang lahat ay
mapasigla ng lahat, at upang
ang bawat tao ay magkaroon ng
pantay na pribilehiyo.
123 Tiyakin na inyong [a]mina-
mahal ang bawat isa; tumigil
sa pagiging [b]mapag-imbot; ma-
tutong magbahagi sa bawat
isa gaya ng hinihingi ng ebang-
helyo.
124 Tumigil sa pagiging [a]ta-
mad; tumigil sa pagiging ma-
rumi; tumigil sa [b]paghanap ng
mali sa bawat isa; tumigil sa
pagtulog nang mahaba kaysa
sa kinakailangan; magpahinga
sa inyong higaan nang maaga,
upang kayo ay hindi mapagal;
gumising nang maaga, upang
ang inyong mga katawan at in-
yong mga isip ay mabigyang-
lakas.
125 At higit sa lahat, damitan
ang inyong sarili ng bigkis ng
[a]pag-ibig sa kapwa-tao, gaya
ng isang balabal, na siyang big-
kis ng pagiging ganap at ng
[b]kapayapaan.
126 [a]Manalangin tuwina,

118*a* D at T 88:76–80.
GBK Turuan, Guro.
*b* GBK Karunungan.
*c* D at T 55:4; 109:7, 14.
119*a* D at T 95:3; 97:10–17; 109:2–9; 115:8.
GBK Templo, Bahay ng Panginoon.
121*a* D at T 43:34; 100:7.
*b* D at T 59:15; 88:69.
*c* GBK Makamundo.
*d* GBK Kapalaluan.
123*a* GBK Pagmamahal.
*b* GBK Imbot.
124*a* GBK Tamad, Katamaran.
*b* D at T 64:7–10.
GBK Pagsasalita nang Masama.
125*a* GBK Pag-ibig sa Kapwa-tao.
*b* GBK Kapayapaan.
126*a* GBK Panalangin.

upang kayo ay hindi manghi-
na, hanggang sa ako ay [b]puma-
rito. Masdan, at narito, ako ay
kaagad na paparito, at tatangga-
pin kayo sa aking sarili. Amen.
127 At muli, ang kaayusan ng
bahay na inihanda para sa pa-
nguluhan ng [a]paaralan ng mga
propeta, itinatag para sa kani-
lang tagubilin sa lahat ng bagay
na kapaki-pakinabang para sa
kanila, maging sa lahat ng [b]na-
mumuno sa simbahan, o sa
ibang salita, yaong mga tina-
wag sa ministeryo sa simba-
han, magmula sa matataas na
saserdote, maging pababa sa
mga diyakono—
128 At ito ang magiging kaa-
yusan ng bahay ng pangulu-
han ng paaralan: Siya na itina-
laga na maging pangulo, o
guro, ay matatagpuang nakata-
yo sa lugar niya, sa bahay na
ihahanda para sa kanya.
129 Samakatwid, siya ay mau-
una sa bahay ng Diyos, sa lugar
na ang kongregasyon sa bahay
ay maaaring marinig ang kan-
yang mga salita nang maingat
at malinaw, hindi sa malakas
na pananalita.
130 At kapag siya ay pumapa-
sok sa bahay ng Diyos, sapag-
kat siya ay nararapat na mauna
sa bahay—masdan, ito ay ma-
ganda, upang siya ay maging
isang halimbawa—
131 [a]Ialay niya ang kanyang
sarili sa pananalangin na naka-
luhod sa harapan ng Diyos, bi-
lang patunay o alaala ng wa-
lang hanggang tipan.
132 At kapag may pumasok
pagkaraan niya, tumayo ang
guro, at, sa mga kamay na na-
kataas sa langit, oo, maging ta-
hasan, batiin ang kanyang ka-
patid na lalaki o mga kapatid
ng mga salitang ito:
133 Ikaw ba ay kapatid na la-
laki o mga kapatid? Binabati
kita sa pangalan ng Pangino-
ong Jesucristo, bilang patunay
o alaala ng walang hanggang
tipan, na kung aling tipan ay ti-
natanggap kita upang [a]maki-
pagkapatiran, sa isang hanga-
ring matatag, hindi matitinag,
at hindi mababago, upang iyong
maging kaibigan at [b]kapatid sa
pamamagitan ng biyaya ng
Diyos sa mga bigkis ng pagma-
mahal, upang lumakad sa lahat
ng kautusan ng Diyos na wa-
lang kasalanan, sa pagbibigay-
pasalamat, magpakailanman at
walang katapusan. Amen.
134 At siya na matatagpuang
hindi karapat-dapat sa pagba-
ting ito ay hindi magkakaroon
ng lugar sa inyo; sapagkat hin-
di ninyo ipahihintulot na ang
aking bahay ay [a]marumihan
niya.
135 At siya na papasok at ma-
tapat sa harapan ko, at isang
kapatid na lalaki, o kung sila ay
mga kapatid, babatiin nila ang
pangulo o guro na ang mga ka-

126*b* D at T 1:12.
127*a* GBK Paaralan ng mga Propeta.
*b* GBK Katungkulan, Pinuno.
131*a* GBK Pagsamba.
133*a* GBK Pakikipagkapatiran.
*b* GBK Kapatid, Mga, Kapatid na Lalaki, Kapatid na Babae.
134*a* D at T 97:15–17; 110:7–8.

may ay nakataas sa langit, sa ganito ring panalangin at tipan, o sa pamamagitan ng pagsasabi ng Amen, bilang patunay rin doon.

136 Masdan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, ito ay isang halimbawa sa inyo bilang isang pagbati sa isa't isa sa bahay ng Diyos, sa paaralan ng mga propeta.

137 At kayo ay tinawag na gawin ito sa pamamagitan ng panalangin at pagbibigay-pasalamat, sapagkat ang Espiritu ang mangungusap sa lahat ng inyong gawain sa bahay ng Panginoon, sa paaralan ng mga propeta, upang ito ay maging isang santuwaryo, isang tabernakulo ng Banal na Espiritu sa inyong [a]ikasisigla.

138 At kayo ay hindi tatanggap ng sinuman sa inyo sa paaralang ito maliban sa siya ay malinis mula sa [a]dugo ng salinlahing ito;

139 At siya ay tatanggapin sa pamamagitan ng ordenansa ng [a]paghuhugas ng mga paa, sapagkat sa layuning ito ang ordenansa ng paghuhugas ng mga paa ay sinimulan.

140 At muli, ang ordenansa ng paghuhugas ng mga paa ay kailangang pamahalaan ng pangulo, o namumunong elder ng simbahan.

141 Ito ay kailangang simulan sa panalangin; at pagkaraang [a]kumain ng tinapay at uminom ng alak, siya ay kailangang magbigkis ng kanyang sarili alinsunod sa [b]huwarang ibinigay sa ikalabintatlong kabanata ng patotoo ni Juan hinggil sa akin. Amen.

## BAHAGI 89

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Kirtland, Ohio, ika-27 ng Pebrero 1833 (*History of the Church, *1:327–329). Bunga ng paggamit ng tabako ng mga unang kapatid sa kanilang mga pagpupulong, ang Propeta ay nadala upang pagbulay-bulayin ang bagay na ito; dahil dito, siya ay nagtanong sa Panginoon hinggil dito. Ang paghahayag na ito, kilala bilang Salita ng Karunungan, ang naging resulta. Ang unang tatlong talata ay dating nasusulat bilang isang pamukaw na pambungad at paglalarawan ng Propeta.*

*1–9, Ang paggamit ng alak, matatapang na inumin, tabako, at mainit na inumin ay ipinagbawal; 10–17, Halaman, mga prutas, karne, at butil ay inorden upang gamitin ng tao at ng mga hayop; 18–21, Pagsunod sa kautusan ng ebanghelyo, kabilang ang Salita ng Karunungan, ay nagbibigay ng mga temporal at espirituwal na pagpapala.*

137*a* D at T 50:21–24.
138*a* D at T 88: 74–75, 84–85.
139*a* GBK Hugas, Nahugasan, Mga Paghuhugas.
141*a* GBK Sakramento.
*b* Juan 13:4–17.

ISANG [a]SALITA NG KARUNU-
NGAN, para sa kapakinaba-
ngan ng kapulungan ng mata-
taas na saserdote, tinipon sa
Kirtland, at ng simbahan, at ga-
yon din ng mga banal sa Sion—
2 Na magpadala ng pagbati;
hindi sa pamamagitan ng ka-
utusan o pamimilit, kundi sa
pamamagitan ng paghahayag
at ng salita ng karunungan, ipi-
nakikita ang utos at [a]kalooban
ng Diyos sa temporal na kalig-
tasan ng lahat ng banal sa mga
huling araw—
3 Ibinigay bilang isang alitun-
tunin na may lakip na [a]panga-
ko, iniangkop sa kakayahan ng
mahihina at ng pinakamahihi-
na sa lahat ng [b]banal, na tina-
wag o maaaring tawaging mga
banal.
4 Masdan, katotohanan, ganito
ang wika ng Panginoon sa inyo:
Dahil sa [a]masasama at mga pa-
kana na umiiral at iiral sa mga
puso ng mga [b]nagsasabwatang
tao sa mga huling araw, binig-
yang-[c]babala ko kayo, at bina-
balaan kayo, sa pamamagitan
ng pagbibigay sa inyo nitong
salita ng karunungan sa pama-
magitan ng paghahayag—
5 Na yayamang ang sinumang
tao ay umiinom ng [a]alak o ma-
tapang na inumin sa inyo, mas-
dan ito ay hindi mabuti, ni na-
rarapat sa paningin ng inyong
Ama, tanging sa sama-samang
pagtitipon lamang ng inyong
sarili upang mag-alay ng in-
yong mga sakramento sa hara-
pan niya.
6 At, masdan, ito ay nararapat
na alak, oo, [a]purong alak ng
ubas ng sanga, na sarili nin-
yong gawa.
7 At, muli, [a]matatapang na
inumin ay hindi para sa tiyan,
kundi para sa paghuhugas ng
inyong mga katawan.
8 At muli, ang tabako ay hindi
para sa [a]katawan, ni para sa ti-
yan, at hindi mabuti para sa
tao, kundi isang halamang ga-
mot para sa mga pasa at lahat
ng may sakit na baka, upang
gamitin nang may pagpapasi-
ya at kasanayan.
9 At muli, maiinit na inumin
ay hindi para sa katawan o ti-
yan.
10 At muli, katotohanang si-
nasabi ko sa inyo, lahat ng ma-
buting [a]halaman ay inorden ng
Diyos para sa kabuuan, kalika-
san, at gamit ng tao—
11 Bawat halamang gamot sa
panahon nito, at bawat prutas
sa panahon nito, lahat ng ito
upang gamitin nang may ma-
buting pagpapasiya at [a]pagbi-
bigay-pasalamat.
12 Oo, ang [a]karne rin ng mga

**89** 1*a* GBK Salita ng Karunungan.
2*a* D at T 29:34. GBK Kautusan ng Diyos, Mga.
3*a* D at T 89:18–21.
*b* GBK Banal (pangngalan).
4*a* GBK Mapanlinlang, Manlinlang, Panlilinlang.
*b* GBK Lihim na Pagsasabwatan, Mga.
*c* GBK Babala, Binalaan.
5*a* Lev. 10:9–11; Is. 5:11–12; 1 Cor. 6:10.
6*a* D at T 27:1–4.
7*a* Kaw. 20:1; 23:29–35.
8*a* 1 Cor. 3:16–17. GBK Katawan.
10*a* IE mga halaman. Gen. 1:29; D at T 59:17–20.
11*a* GBK Salamat, Nagpapasalamat, Pasasalamat.
12*a* Gen. 9:3; Lev. 11:1–8.

[b]hayop at ng mga ibon sa himpapawid, ako, ang Panginoon, ay nagtalaga upang gamitin ng tao nang may pasasalamat; gayunman ang mga ito ay nararapat gamitin nang [c]paunti-unti;
13 At nakalulugod sa akin na ang mga ito ay gamitin sa panahon lamang ng taglamig, o ng tagginaw, o taggutom.
14 Lahat ng [a]butil ay inorden na gamitin ng tao at ng mga hayop, upang maging tungkod ng buhay, hindi lamang para sa tao kundi para sa mga hayop sa parang, at sa mga ibon ng langit, at lahat ng mabangis na hayop na tumatakbo o gumagapang sa lupa;
15 At ang mga ito ay ginawa ng Diyos upang gamitin ng tao sa panahon lamang ng taggutom at labis na pagkagutom.
16 Lahat ng butil ay mabuti para sa pagkain ng tao; at gayon din ang prutas ng sanga; yaong namumunga, maging sa lupa o sa ibabaw ng lupa—
17 Gayunman, trigo para sa tao, at mais para sa mga baka, at oat para sa kabayo, at rye para sa mga ibon at para sa mga baboy, at para sa lahat ng hayop sa parang, at barley para sa lahat ng kapaki-pakinabang na hayop, at para sa mga katamtamang inumin, gayon din ang ibang mga butil.
18 At lahat ng banal na makatatandang sumunod at gawin ang mga salitang ito, lumalakad sa pagsunod sa mga kautusan, ay tatanggap ng [a]kalusugan sa kanilang pusod at kanilang utak-sa-buto;
19 At makatatagpo ng [a]karunungan at malaking kayamanan ng [b]kaalaman, maging mga natatagong kayamanan;
20 At [a]tatakbo at hindi mapapagod, at lalakad at hindi manghihina.
21 At ako, ang Panginoon, ay nagbibigay sa kanila ng [a]pangako, na ang mapangwasak na anghel ay [b]lalampasan sila, gaya ng mga anak ni Israel, at hindi sila papatayin. Amen.

## BAHAGI 90

*Paghahayag kay Joseph Smith, ang Propeta, ibinigay sa Kirtland, Ohio, ika-8 ng Marso 1833 (*History of the Church, *1:329–331). Ang paghahayag na ito ay isang pagpapatuloy na hakbang sa pagtatatag ng Unang Panguluhan (tingnan sa ulo ng bahagi 81); bunga nito, ang mga tagapayong binanggit ay inordenan noong ika-18 ng Marso 1833.*

*1–5, Ang mga susi ng kaharian ay ipinagkatiwala kay Joseph Smith at sa pamamagitan niya sa Simbahan; 6–7, Sina Sidney Rigdon at Frederick G. Williams ay maglilingkod sa Unang Panguluhan;*

12*b* 1 Tim. 4:3–4; D at T 49:18–21.
*c* D at T 59:20.
14*a* Dan. 1:6–20.
18*a* Kaw. 3:8.
19*a* GBK Karunungan.
*b* GBK Kaalaman; Patotoo.
20*a* Is. 40:31.
21*a* D at T 84:80.
*b* Ex. 12:23, 29.

*8–11, Ang ebanghelyo ay ipangangaral sa mga bayan ng Israel, sa mga Gentil, at sa mga Judio, lahat ng tao ay makaririnig sa kanyang sariling wika; 12–18, Si Joseph Smith at ang kanyang mga tagapayo ay isasaayos ang Simbahan; 19–37, Iba't ibang tao ay pinayuhan ng Panginoon na lumakad nang matwid at maglingkod sa kanyang kaharian.*

GANITO ang wika ng Panginoon, katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo aking anak, ang mga kasalanan mo ay [a]pinatatawad na, alinsunod sa iyong pagsusumamo, sapagkat ang iyong mga panalangin at ang mga panalangin ng iyong mga kapatid ay nakarating sa aking mga tainga.
2 Samakatwid, ikaw ay pinagpala simula ngayon na nagtataglay ng mga [a]susi ng kaharian na ibinigay sa iyo; kung aling [b]kaharian ay darating sa huling pagkakataon.
3 Katotohanang sinasabi ko sa iyo, ang mga susi ng kahariang ito ay hindi kailanman makukuha sa iyo, habang ikaw ay nasa daigdig, ni sa daigdig na darating;
4 Gayunman, sa pamamagitan mo ang mga [a]orakulo ay ibibigay sa iba, oo, maging sa simbahan.
5 At lahat sila na tumatanggap ng mga orakulo ng Diyos, sila ay [a]mag-ingat kung paano nila hinahawakan ang mga ito at baka ipalagay ang mga ito bilang isang bagay na walanghalaga, at mapasailalim ng sumpa dahil doon, at matisod at madapa kapag ang mga bagyo ay bumaba, at ang mga hangin ay umihip, at ang mga [b]ulan ay bumagsak, at humampas sa kanilang bahay.
6 At muli, katotohanang sinasabi ko sa iyong mga kapatid, kina Sidney Rigdon at Frederick G. Williams, ang kanilang mga kasalanan ay pinatatawad na rin, at sila ay ipinalalagay na kapantay mo sa paghawak ng mga susi nitong huling kaharian;
7 At gayon din sa pamamagitan ng iyong pangangasiwa ang mga susi ng [a]paaralan ng mga propeta, na aking iniutos na itatag;
8 Nang sa gayon sila ay maging ganap sa kanilang ministeryo para sa kaligtasan ng Sion, at ng mga bayan ng Israel, at ng mga Gentil, kasindami ng mga maniniwala;
9 Na sa pamamagitan ng iyong pangangasiwa ay kanilang matatanggap ang salita, at sa pamamagitan ng kanilang pangangasiwa ang salita ay lalaganap sa mga dulo ng mundo, [a]una sa

**90** 1*a* GBK Magpatawad.
2*a* D at T 65:2. GBK Susi ng Pagkasaserdote, Mga.
*b* GBK Kaharian ng Diyos o Kaharian ng Langit.
4*a* Gawa 7:38; Rom. 3:2; Heb. 5:12; D at T 124:39, 126. GBK Propesiya, Pagpopropesiya.
5*a* D at T 1:14.
*b* Mat. 7:26–27.
7*a* GBK Paaralan ng mga Propeta.
9*a* 1 Ne. 13:42; D at T 107:33; 133:8.

mga [b]Gentil, at pagkatapos, masdan, at narito, ang mga ito ay babaling sa mga Judio.

10 At pagkatapos ay darating ang araw kung kailan ang bisig ng Panginoon ay [a]ipahahayag sa kapangyarihan sa pagpapaniwala sa mga bansa, ang mga paganong bansa, ang sambahayan ni [b]Jose, sa ebanghelyo ng kanilang kaligtasan.

11 Sapagkat mangyayari sa araw na yaon, na ang bawat tao ay [a]maririnig ang kabuuan ng ebanghelyo sa kanyang sariling wika, at sa kanyang sariling salita, sa pamamagitan nila na [b]inordenan sa [c]kapangyarihang ito, sa pamamagitan ng pangangasiwa ng [d]Mang-aaliw, na ibinuhos sa kanila para sa paghahayag ni Jesucristo.

12 At ngayon, katotohanang sinasabi ko sa iyo, binibigyan kita ng isang kautusan na ikaw ay magpatuloy sa [a]ministeryo at sa panguluhan.

13 At kapag iyo nang natapos ang pagsasalin ng mga propeta, ikaw magmula sa araw na yaon ay [a]mamumuno sa mga gawain ng simbahan at ng [b]paaralan;

14 At sa pana-panahon, ayon sa ihahayag ng Mang-aaliw, ay tatanggap ng mga [a]paghahayag upang ilahad ang mga [b]hiwaga ng kaharian;

15 At isaayos ang mga simbahan, at [a]mag-aral at [b]matuto, at maging bihasa sa lahat ng mabuting aklat, at sa mga [c]salita, wika, at tao.

16 At ito ang inyong magiging tungkulin at misyon sa buong buhay ninyo, na mamuno sa kapulungan, at isaayos ang lahat ng gawain ng simbahan at kahariang ito.

17 Huwag [a]mahiya, ni malito; sa halip mapaalalahanan sa lahat ng inyong pagmamataas at [b]kapalaluan, sapagkat ito ay nagdadala ng bitag sa inyong mga kaluluwa.

18 Isaayos ang inyong mga bahay; alisin ang [a]katamaran at [b]karumihan sa inyo.

19 Ngayon, katotohanang sinasabi ko sa inyo, magkaroon ng isang lugar na nakalaan, hangga't maaga, para sa mag-anak ng iyong tagapayo at tagasulat, maging si Frederick G. Williams.

20 At ang aking [a]matandang tagapaglingkod, si Joseph Smith, Sen., ay mamamalagi na kasama ang kanyang mag-anak

9*b* Mat. 19:30; Eter 13:10–12.
10*a* D at T 43:23–27; 88:84, 87–92.
*b* Gen. 49:22–26; 1 Ne. 15:13–14.
11*a* GBK Gawaing Pangmisyonero.
*b* GBK Tawag, Tinawag ng Diyos, Pagkakatawag; Ordenan, Pag-oorden.
*c* GBK Pagkasaserdote.
*d* GBK Mang-aaliw.
12*a* GBK Mangasiwa.
13*a* D at T 107:91–92.
*b* GBK Paaralan ng mga Propeta.
14*a* GBK Paghahayag.
*b* GBK Hiwaga ng Diyos, Mga.
15*a* D at T 88:76–80, 118; 93:53.
*b* D at T 107:99–100; 130:18–19.
*c* GBK Wika.
17*a* Rom. 1:16; 2 Ne. 6:13.
*b* D at T 88:121. GBK Kapalaluan.
18*a* D at T 58:26–29. GBK Tamad, Katamaran.
*b* D at T 38:42.
20*a* GBK Smith, Joseph, Sr.

sa lugar kung saan siya ngayon
nakatira; at huwag itong ipag-
bibili hanggang sa ang bibig ng
Panginoon ay magsabi.
21 At ang aking tagapayo,
maging si Sidney [a]Rigdon, ay
mamamalagi kung saan siya
ngayon naninirahan hanggang
sa ang bibig ng Panginoon ay
magsabi.
22 At ang obispo ay masigasig
na maghahanap upang matag-
puan ang isang [a]kinatawan, at
siya ay isang tao na may mga
[b]kayamanang nakalaan—isang
taong maka-Diyos, at may ma-
lakas na pananampalataya—
23 Nang sa gayon ay magawa
niyang bayaran ang lahat ng
utang; upang ang kamalig ng
Panginoon ay hindi madala sa
pagkasira ng pangalan sa hara-
pan ng mata ng mga tao.
24 [a]Masigasig na maghanap,
[b]manalangin tuwina, at maging
mapanampalataya, at [c]lahat ng
bagay ay magkakalakip na ga-
gawa para sa inyong ikabubuti,
kung kayo ay lalakad nang mat-
wid at tandaan ang [d]tipan na
inyong ipinakipagtipan sa isa't
isa.
25 [a]Paliitin ang inyong mga
mag-anak, lalung-lalo na ang
aking matandang tagapagling-
kod na si Joseph Smith, Sen., na
nauukol sa yaong hindi nabibi-
lang sa inyong mga mag-anak;
26 Nang ang yaong mga ba-
gay na inilaan para sa inyo,
upang maisakatuparan ang
aking gawain, ay hindi kunin
mula sa inyo at ibigay sa mga
yaong hindi karapat-dapat—
27 At sa gayon kayo ay
mahadlangan sa pagsasagawa
ng mga yaong bagay na aking
ipinag-uutos sa inyo.
28 At muli, katotohanang si-
nasabi ko sa inyo, kalooban ko
na ang aking katulong na ba-
bae na si Vienna Jaques ay na-
rarapat tumanggap ng salapi
upang mabata ang kanyang
mga gastusin, at magtungo sa
lupain ng Sion;
29 At ang matitira sa salapi ay
maaaring ilaan sa akin, at siya
ay gagantimpalaan sa aking sa-
riling takdang panahon.
30 Katotohanang sinasabi ko
sa iyo, na nararapat sa aking
mga paningin na siya ay mag-
tungo sa lupain ng Sion, at tu-
manggap ng mana mula sa ka-
may ng obispo;
31 Upang siya ay makapanira-
hang mapayapa yayamang siya
ay tapat, at hindi maging tamad
sa kanyang mga araw magmu-
la ngayon.
32 At masdan, katotohanang
sinasabi ko sa iyo, na iyong isu-
sulat ang kautusang ito, at sa-
sabihin sa iyong mga kapatid
sa Sion, sa pagmamahal buma-
bati, na ikaw ay akin ding tina-
wag na [a]mamuno sa Sion sa
aking sariling takdang panahon.
33 Samakatwid, patigilin sila

21*a* GBK Rigdon, Sidney.
22*a* D at T 84:112–113.
*b* Jac. 2:17–19.
24*a* GBK Kasigasigan.
*b* GBK Panalangin.
*c* Ezra 8:22;
Rom. 8:28;
D at T 100:15;
122:7–8.
*d* GBK Tipan.
25*a* IE Ang maralita na
inaaruga ni Joseph
Smith, Sr.
32*a* D at T 107:91–92.

sa pagpipilit sa akin hinggil sa bagay na ito.

34 Masdan, sinasabi ko sa iyo na ang iyong mga kapatid sa Sion ay nagsimula nang magsisi, at ang mga anghel ay nagsasaya sa kanila.

35 Gayunman, ako ay hindi labis na nalulugod sa maraming bagay; at ako ay hindi labis na nalulugod sa aking tagapaglingkod na si [a]William E. McLellin, ni sa aking tagapaglingkod na si Sidney Gilbert; at ang obispo rin, at ang iba ay maraming bagay na nararapat pagsisihan.

36 Subalit katotohanang sinasabi ko sa iyo, na ako, ang Panginoon, ay makikipagtunggali sa [a]Sion, at magsusumamo sa kanyang malalakas, at [b]parurusahan siya hanggang sa siya ay madaig at [c]malinis sa harapan ko.

37 Sapagkat siya ay hindi maaalis mula sa kanyang lugar. Ako, ang Panginoon, ang nagsabi nito. Amen.

## BAHAGI 91

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Kirtland, Ohio, ika-9 ng Marso 1833 (*History of the Church, *1:331–332). Ang Propeta sa panahong ito ay abalang-abala sa pagsasalin sa Lumang Tipan. Pagdating sa bahaging yaon ng sinaunang kasulatan na tinatawag na Apocripa, siya ay nagtanong sa Panginoon at natanggap ang tagubiling ito.*

*1–3, Karamihan sa Apocripa ay isinaling tama ngunit naglalaman ng maraming dagdag na pakahulugan na hindi totoo ng mga kamay ng tao; 4–6, Kapaki-pakinabang ito sa mga binigyang-liwanag ng Espiritu.*

KATOTOHANAN, ganito ang wika ng Panginoon sa inyo hinggil sa [a]Apocripa—Maraming bagay na napapaloob dito na totoo, at karamihan dito ay naisaling tama;

2 Maraming bagay na napapaloob dito na hindi totoo, na mga dagdag na pakahulugan ng mga kamay ng tao.

3 Katotohanan, sinasabi ko sa inyo, na hindi kinakailangan na ang Apocripa ay isalin.

4 Samakatwid, sinumang babasa nito, kanyang [a]unawain, dahil ang Espiritu ay nagpapahayag ng katotohanan;

5 At sinuman ang binigyang-liwanag ng [a]Espiritu ay tatanggap ng kapakinabangan mula roon;

6 At sinuman ang hindi maka-

35*a* D at T 66:1; 75:6–9.
36*a* GBK Sion.
*b* GBK Parusa, Pagpaparusa.
*c* GBK Dalisay, Kadalisayan.
**91** 1*a* GBK Apocripa.
4*a* GBK Pagkaunawa.
5*a* GBK Espiritu Santo; Inspirasyon.

tatanggap sa pamamagitan ng Espiritu, ay hindi makikinabang. Dahil dito hindi kinakailangang ito ay isalin. Amen.

## BAHAGI 92

*Paghahayag na ibinigay kay Joseph Smith, ang Propeta, sa Kirtland, Ohio, ika-15 ng Marso 1833 (* History of the Church, *1:333). Ang paghahayag ay iniukol kay Frederick G. Williams, na kamakailan lamang ay itinalagang tagapayo sa Unang Panguluhan.*

*1–2, Ang Panginoon ay nagbigay ng isang kautusan tungkol sa pagtanggap sa nagkakaisang orden.*

KATOTOHANAN, ganito ang wika ng Panginoon, ibinibigay ko sa [a]nagkakaisang orden, na itinatag alinsunod sa kautusang ibinigay kamakailan, ang isang paghahayag at kautusan hinggil sa aking tagapaglingkod na si Frederick G. Williams, na inyo siyang tanggapin sa orden. Ang sinasabi ko sa isa ay sinasabi ko sa lahat.

2 At muli, sinasabi ko sa iyo aking tagapaglingkod na Frederick G. Williams, ikaw ay magiging isang masiglang kasapi ng ordeng ito; at yayamang ikaw ay tapat sa pagsunod sa lahat ng naunang kautusan ikaw ay pagpapalain magpakailanman. Amen.

## BAHAGI 93

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Kirtland, Ohio, ika-6 ng Mayo 1833 (* History of the Church, *1:343–346).*

*1–5, Lahat ng tapat ay makikita ang Panginoon; 6–18, Nagpatotoo si Juan na ang Anak ng Diyos ay nagdaan nang biyaya sa biyaya hanggang sa kanyang matanggap ang kaganapan ng kaluwalhatian ng Ama; 19–20, Ang matatapat na tao, na nagdaan nang biyaya sa biyaya, ay tatanggap din ng kanyang kaganapan; 21–22, Yaong mga isinilang kay Cristo ay Simbahan ng Panganay; 23–28, Tumanggap si Cristo ng kabuuan ng lahat ng katotohanan, at ang tao sa pamamagitan ng pagsunod ay maaari ring matanggap yaon; 29–32, Ang tao ay kasama ng Diyos sa simula; 33–35, Ang mga elemento ay walang hanggan, at ang tao ay maaaring tumanggap ng ganap na kagalakan sa Pagkabuhay na mag-uli; 36–37, Ang kaluwalhatian ng Diyos ay katalinuhan; 38–40, Ang mga bata ay walang sala sa harapan ng Diyos dahil sa pagtubos ni Cristo; 41–53, Ang mga namumunong kapatid ay inutusang isaayos ang kanilang mga mag-anak.*

**92** 1*a* D at T 82:11, 15–21. | gbk Nagkakaisang Orden.

KATOTOHANAN, ganito ang
wika ng Panginoon: Ito ay
mangyayari na ang bawat kalu-
luwa na [a]tatalikod sa kanyang
mga kasalanan at lalapit sa akin,
at [b]mananawagan sa aking pa-
ngalan, at [c]susunod sa aking ti-
nig, at susunod sa aking mga ka-
utusan, ay [d]makikita ang aking
[e]mukha at malalaman na ako
na nga;
2 At ako ang tunay na [a]ilaw
na nagbibigay-liwanag sa ba-
wat tao na dumarating sa daig-
dig;
3 At na ako ay [a]nasa Ama, at
ang Ama ay nasa akin, at ang
Ama at ako ay isa—
4 Ang Ama [a]dahil sa [b]ibinigay
niya sa akin ang kanyang kaga-
napan, at ang Anak dahil ako
ay naparoon sa daigdig at gina-
wang [c]laman ang aking kata-
wan, at nanirahang kasama ng
mga anak ng tao.
5 Ako ay naparoon sa daigdig
at tinanggap ng aking Ama, at
ang kanyang mga [a]gawa ay
malinaw na naipakita.
6 At nakita ni [a]Juan at nag-
patotoo sa kaganapan ng aking
[b]kaluwalhatian, at ang kabuu-
an ng talaan ni [c]Juan ay ipaha-
hayag pagkaraan nito.
7 At siya ay nagpatotoo, nag-
sasabing: Nakita ko ang kan-
yang kaluwalhatian, na siya ay
nasa [a]simula, bago pa itinatag
ang daigdig;
8 Samakatwid, sa simula ang
[a]Salita, sapagkat siya ang Sali-
ta, maging ang sugo ng kaligta-
san—
9 Ang [a]ilaw at ang [b]Manunu-
bos ng sanlibutan; ang Espiritu
ng katotohanan, na pumarito
sa daigdig, sapagkat ang daig-
dig ay ginawa niya, at sa kanya
ang buhay ng mga tao at ang
ilaw ng mga tao.
10 Ang mga daigdig ay [a]gina-
wa niya; ang mga tao ay gina-
wa niya; lahat ng bagay ay gi-
nawa niya, at sa pamamagitan
niya, at sa kanya.
11 At ako, si Juan, ay nagpapa-
totoo na napagmasdan ko ang
kanyang kaluwalhatian, gaya
ng kaluwalhatian ng Bugtong
na Anak ng Ama, na puspos ng
biyaya at katotohanan, maging
ang Espiritu ng katotohanan, na
pumarito at nanirahan sa laman,
at nanirahang kasama natin.

**93** 1*a* GBK Magsisi, Pagsisisi; Karapat-dapat, Pagiging Karapat-dapat.
*b* Joel 2:32.
*c* GBK Pagsunod, Masunurin, Sumunod.
*d* Ex. 33:11; D at T 38:7–8; 67:10–12; 88:68; 101:23; 130:3. GBK Mang-aaliw.
*e* PJS, 1 Juan 4:12.
2*a* Juan 1:4–9; D at T 14:9; 84:45–47; 88:6–7. GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo.
3*a* Juan 10:25–38; 17:20–23; D at T 50:43–45.
4*a* Mos. 15:1–7.
*b* GBK Jesucristo—Kapangyarihan.
*c* Lu. 1:26–35; 2:4–14; 3 Ne. 1:12–14; Eter 3:14–16.
5*a* Juan 5:36; 10:25; 14:10–12.
6*a* Juan 1:34.
*b* GBK Jesucristo—Kaluwalhatian ni Jesucristo.
*c* Juan 20:30–31.
7*a* Juan 1:1–3, 14; 17:5; D at T 76:39.
8*a* GBK Jesucristo; Jehova.
9*a* GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo.
*b* GBK Manunubos.
10*a* Heb. 1:1–3; D at T 76:24; Moi. 1:31–33.

12 At ako, si Juan, ay nakita
na hindi niya tinanggap ang
[a]kaganapan sa simula, subalit
tumanggap nang [b]biyaya sa bi-
yaya;
13 At hindi niya tinanggap ang
kaganapan sa simula, subalit
nagpatuloy nang [a]biyaya sa bi-
yaya, hanggang sa tanggapin
niya ang kaganapan;
14 At sa gayon siya tinawag na
[a]Anak ng Diyos, sapagkat hin-
di niya tinanggap ang kagana-
pan sa simula.
15 At ako, si [a]Juan, ay nag-
papatotoo, at narito, ang ka-
langitan ay nabuksan, at ang
[b]Espiritu Santo ay bumaba sa
kanya na tulad ng isang [c]kala-
pati, at dumapo sa kanya, at
narinig ang isang tinig na nag-
mula sa langit na nagsasabing:
Ito ang [d]pinakamamahal kong
Anak.
16 At ako, si Juan, ay nagpa-
patotoo na tinanggap niya ang
kaganapan ng kaluwalhatian ng
Ama;
17 At tinanggap niya [a]lahat ng
[b]kapangyarihan, maging sa la-
ngit at sa lupa, at ang kaluwal-
hatian ng [c]Ama ay nasa kanya,
sapagkat siya ay nanahan sa
kanya.
18 At ito ay mangyayari na, na
kung kayo ay tapat ay inyong
tatanggapin ang kabuuan ng
talaan ni Juan.
19 Ibinibigay ko sa inyo
ang mga salitang ito upang
maunawaan ninyo at malaman
kung paano [a]sumamba, at ma-
laman kung ano ang sasamba-
hin, upang kayo ay makarating
sa Ama sa aking pangalan, sa
takdang panahon ay tumang-
gap ng kanyang kaganapan.
20 Sapagkat kung inyong su-
sundin ang aking mga [a]kautu-
san ay tatanggapin ninyo ang
kanyang [b]kaganapan, at [c]ma-
luluwalhati sa akin kagaya ko
sa Ama; samakatwid, sinasabi
ko sa inyo, kayo ay makatatang-
gap nang [d]biyaya sa biyaya.
21 At ngayon, katotohanang
sinasabi ko sa inyo, ako sa [a]si-
mula ay kasama ng Ama, at
ako ang [b]Panganay;
22 At lahat ng yaong isisilang
sa akin ay [a]kabahagi ng yaon
ding [b]kaluwalhatian, at ang sim-
bahan ng Panganay.
23 Kayo rin sa simula ay

12*a* Fil. 2:6–11.
*b* Juan 1:16–17.
13*a* Lu. 2:52.
14*a* Lu. 1:31–35; D at T 6:21. GBK Diyos, Panguluhang Diyos—Diyos Anak.
15*a* Juan 1:29–34.
*b* GBK Espiritu Santo.
*c* GBK Kalapati, Tanda ng.
*d* Mat. 3:16–17.
17*a* Mat. 28:18; Juan 17:2; 1 Ped. 3:22.
*b* GBK Jesucristo—Kapangyarihan; Kapangyarihan.
*c* GBK Diyos, Panguluhang Diyos—Diyos Ama.
19*a* Juan 4:21–26; 17:3; Gawa 17:22–25. GBK Pagsamba.
20*a* D at T 50:28.
*b* Juan 1:16; D at T 84:36–39.
*c* Juan 17:4–5, 22. GBK Tao, Mga Tao—Tao, may kakayahang maging katulad ng Ama sa Langit.
*d* GBK Biyaya.
21*a* Juan 1:1–2; 1 Ped. 1:19–20; Moi. 4:2.
*b* GBK Panganay.
22*a* 1 Ped. 5:1; D at T 133:57.
*b* GBK Kaluwalhatiang Selestiyal.

[a]kasama ng Ama; na yaong Es-
piritu, maging ang Espiritu ng
katotohanan;
24 At ang [a]katotohanan ay [b]ka-
alaman ng mga bagay sa nga-
yon, at sa nakalipas, at sa mga
darating pa;
25 At ano man ang [a]humigit-
kumulang kaysa rito ay espiritu
ng yaong masama na isang [b]si-
nungaling mula pa sa simula.
26 Ang Espiritu ng [a]katotoha-
nan ay sa Diyos. Ako ang Espi-
ritu ng katotohanan, at si Juan
ay nagpatotoo sa akin, sinasa-
bing: Siya ay tumanggap ng ka-
buuan ng katotohanan, oo, ma-
ging ng lahat ng katotohanan;
27 At walang taong tatanggap
ng [a]kabuuan maliban kung siya
ay sumusunod sa kanyang mga
kautusan.
28 Siya na [a]sumusunod sa kan-
yang mga kautusan ay tuma-
tanggap ng katotohanan at [b]li-
wanag, hanggang sa siya ay
maluwalhati sa katotohanan at
[c]malaman ang lahat ng bagay.
29 Ang tao rin sa [a]simula ay
kasama ng Diyos. Ang [b]kata-
linuhan, o ang liwanag ng ka-
totohanan, ay hindi nilikha o gi-
nawa, ni maaaring gawin.
30 Lahat ng katotohanan ay
nagsasarili sa yaong katayuan
na pinaglagyan ng Diyos, upang
[a]kumilos sa kanyang sarili, gaya
rin ng lahat ng katalinuhan;
kung hindi ay walang pagka-
buhay.
31 Masdan, narito ang [a]kala-
yaan ng tao, at narito ang ka-
parusahan ng tao; sapagkat ya-
ong mula sa simula ay [b]malinaw
na ipinahayag sa kanila, at hindi
nila tinanggap ang liwanag.
32 At ang bawat tao na ang es-
piritu ay hindi tumanggap ng
[a]liwanag ay nasa ilalim ng ka-
parusahan.
33 Sapagkat ang tao ay [a]espi-
ritu. Ang mga [b]elemento ay wa-
lang hanggan, at ang espiritu at
elemento, hindi mapaghihiwa-
lay ang kaugnayan, ay tatang-
gap ng ganap na kagalakan;
34 At kapag [a]magkahiwalay,
ang tao ay hindi makatatang-
gap ng ganap na [b]kagalakan.
35 Ang mga [a]elemento ang ka-
tawan ng Diyos; oo, ang tao ang
katawan ng Diyos, maging mga

23*a* GBK Tao, Mga Tao— Tao, espiritung anak ng Ama sa Langit.
24*a* GBK Katotohanan.
*b* GBK Kaalaman.
25*a* D at T 20:35.
*b* Juan 8:44; 2 Ne. 2:18; Moi. 4:4.
26*a* Juan 14:6.
27*a* GBK Ganap.
28*a* GBK Pagsunod, Masunurin, Sumunod.
*b* D at T 50:24; 84:45. GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo.
*c* Juan 17:3; D at T 88:49, 67.
29*a* Abr. 3:18. GBK Buhay Bago pa ang Buhay na Ito; Tao, Mga Tao.
*b* GBK Katalinuhan, Mga Katalinuhan.
30*a* 2 Ne. 2:13–27.
31*a* GBK Kalayaang Mamili.
*b* Deut. 30:11–14; D at T 84:23–24.
32*a* GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo; Katotohanan.
33*a* D at T 77:2; Abr. 5:7–8. GBK Tao, Mga Tao— Tao, espiritung anak ng Ama sa Langit.
*b* D at T 131:7–8; 138:17. GBK Pagkabuhay na Mag-uli.
34*a* 2 Ne. 9:8–10.
*b* GBK Kagalakan.
35*a* D at T 130:22.

[b]templo; at ano mang templo
ang marurumihan, wawasakin
ng Diyos ang templong yaon.
36 Ang [a]kaluwalhatian ng
Diyos ay [b]katalinuhan, o, sa
ibang salita, [c]liwanag at kato-
tohanan.
37 Ang liwanag at katotoha-
nan ay tinatalikdan yaong [a]ma-
sama.
38 Bawat espiritu ng tao ay
[a]walang kasalanan sa simula;
at ang Diyos sapagkat [b]tinubos
ang tao mula sa [c]pagkahulog,
ang mga tao ay nagbalik muli
sa kanilang kamusmusan na
[d]walang kasalanan sa harapan
ng Diyos.
39 At yaong masama ay du-
mating at [a]kinuha ang liwanag
at katotohanan, sa pamamagi-
tan ng pagsuway, mula sa mga
anak ng tao, at dahil sa [b]kauga-
lian ng kanilang mga ama.
40 Subalit ipinag-utos ko sa
inyo na palakihin ang inyong
mga [a]anak sa liwanag at kato-
tohanan.
41 Subalit katotohanang sinasa-
bi ko sa iyo, aking tagapagling-
kod na Frederick G. Williams,
nagpatuloy ka sa ilalim ng ga-
nitong kaparusahan;
42 Hindi mo [a]tinuruan ang
iyong mga anak ng liwanag at
katotohanan, alinsunod sa mga
kautusan; at yaong masama ay
may kapangyarihan, sa nga-
yon, sa iyo, at ito ang dahilan
ng iyong pagdurusa.
43 At ngayon isang kautusan
ang ibinibigay ko sa iyo—kung
ikaw ay maliligtas ay [a]isasaa-
yos mo ang iyong sambahayan,
sapagkat maraming bagay na
hindi wasto sa iyong sambaha-
yan.
44 Katotohanan, sinasabi ko
sa aking tagapaglingkod na si
Sidney Rigdon, na sa ilang ba-
gay ay hindi niya sinunod ang
mga kautusan hinggil sa kan-
yang mga anak; samakatwid,
una ay isaayos niya ang kan-
yang sambahayan.
45 Katotohanan, sinasabi ko
sa aking tagapaglingkod na si
Joseph Smith, Jun., o sa ibang
salita, tatawagin ko kayong mga
[a]kaibigan, sapagkat kayo ay
aking mga kaibigan, at kayo ay
makatatanggap ng mana kasa-
ma ko—
46 Tinawag ko kayong mga
[a]tagapaglingkod para sa kapa-
kanan ng sanlibutan, at kayo

35*b* 1 Cor. 3:16–17.
36*a* GBK Kaluwalhatian; Jesucristo—Kaluwalhatian ni Jesucristo.
*b* D at T 130:18–19; Abr. 3:19. GBK Katalinuhan, Mga Katalinuhan.
*c* D at T 88:6–13.
37*a* Moi. 1:12–16. GBK Diyablo.
38*a* GBK Kawalang-sala, Walang Sala.
*b* Mos. 27:24–26; Moi. 5:9; S ng P 1:3. GBK Tubos, Tinubos, Pagtubos.
*c* GBK Pagkahulog nina Adan at Eva.
*d* Moro. 8:8, 12, 22; D at T 29:46–47. GBK Kaligtasan—Kaligtasan ng mga bata.
39*a* Mat. 13:18–19; 2 Cor. 4:3–4; Alma 12:9–11.
*b* Ez. 20:18–19; Alma 3:8. GBK Kaugalian, Mga.
40*a* GBK Mag-anak—Mga tungkulin ng mga magulang.
42*a* 1 Sam. 3:11–13; D at T 68:25–31.
43*a* 1 Tim. 3:4–5.
45*a* D at T 84:63; 88:62.
46*a* Lev. 25:55; 1 Ne. 21:3–8. GBK Paglilingkod.

ay kanilang mga tagapagling-
kod para sa kapakanan ko—
47 At ngayon, katotohanang
sinasabi ko kay Joseph Smith,
Jun.—Hindi mo sinunod ang
mga kautusan, at ikaw ay tala-
gang kinakailangang [a]kagalitan
sa harapan ng Panginoon;
48 Ang iyong [a]mag-anak ay
talagang kinakailangang mag-
sisi at talikuran ang ilang ba-
gay, at magbigay ng higit pang
matapat na pagtalima sa iyong
mga sinasabi, o sila ay aalisin
sa kanilang kinalalagyan.
49 Kung ano ang sinasabi ko
sa isa ay sinasabi ko sa lahat;
[a]manalangin tuwina at nang hu-
wag magkaroon ang masama ng
kapangyarihan sa inyo, at alisin
kayo sa inyong kinalalagyan.
50 Ang aking tagapaglingkod
na si Newel K. Whitney rin,
isang obispo ng aking simbahan,
ay kinakailangang parusahan,
at ayusin ang kanyang mag-
anak, at tiyaking sila ay maging
higit na masigasig at mapag-
malasakit sa tahanan, at mana-
langin tuwina, o sila ay aalisin
sa kanilang [a]kinalalagyan.
51 Ngayon, sinasabi ko sa
inyo, aking mga kaibigan, ang
aking tagapaglingkod na si
Sidney Rigdon ay magpatuloy
sa kanyang paglalakbay, at
magmadali, at ipahayag din ang
[a]kaaya-ayang taon ng Pangino-
on, at ang ebanghelyo ng kalig-
tasan, ayon sa ibibigay ko sa
kanya na sasabihin; at sa pama-
magitan ng inyong panalangin
nang may pananampalataya
lakip ang buong pagsang-ayon
ay pagtitibayin ko siya.
52 At ang aking mga tagapag-
lingkod na sina Joseph Smith,
Jun., at Frederick G. Williams
ay magmadali rin, at ipagkaka-
loob din sa kanila maging naa-
ayon sa panalangin na may pa-
nanampalataya; at yayamang
sumusunod kayo sa aking mga
sinasabi kayo ay hindi malilito
sa daigdig na ito, ni sa daigdig
na darating.
53 At, katotohanang sinasabi
ko sa inyo, na aking kalooban
na kayo ay magmadali sa [a]pag-
sasalin ng aking banal na kasu-
latan, at [b]magtamo ng [c]kaala-
man ng kasaysayan, at ng mga
bansa, at ng mga kaharian, at
ng mga batas ng Diyos at tao, at
lahat ng ito para sa kaligtasan
ng Sion. Amen.

## BAHAGI 94

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Kirtland, Ohio, ika-6 ng Mayo 1833 (* History of the Church, *1:346–347). Sina Hyrum Smith, Reynolds Cahoon, at Jared Carter ay itinalaga bilang isang lupon ng Pansimbahang gusali.*

47*a* D at T 95:1–2. GBK Parusa, Pagpaparusa.
48*a* GBK Mag-anak—Mga tungkulin ng anak.
49*a* 3 Ne. 18:15–21.
50*a* D at T 64:40.
51*a* Lu. 4:19.
53*a* GBK Pagsasalin ni Joseph Smith (PJS).
*b* D at T 88:76–80, 118.
*c* GBK Kaalaman.

*1–9, Ang Panginoon ay nagbigay ng isang kautusan kaugnay sa pagtatayo ng isang bahay para sa gawain ng Panguluhan; 10–12, Isang bahay palimbagan ang itatayo; 13–17, May mga manang itinakda.*

AT muli, katotohanang sinasabi ko sa inyo, aking mga [a]kaibigan, isang kautusan ang ibinibigay ko sa inyo, na inyong sisimulan ang isang gawain ng pagtatatag at paghahanda ng isang pasimula at saligan ng lunsod ng [b]istaka ng Sion, dito sa lupain ng Kirtland, simula sa aking bahay.
2 At masdan, ito ay dapat gawin alinsunod sa [a]huwarang aking ibinigay sa inyo.
3 At ang unang lote sa timog ay ilalaan sa akin para sa pagtatayo ng isang bahay para sa panguluhan, para sa gawain ng panguluhan, sa pagtanggap ng mga paghahayag; at para sa gawain ng ministeryo ng [a]panguluhan, sa lahat ng bagay hinggil sa simbahan at kaharian.
4 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, na ito ay itatayo na may limampu't lima at animnapu't limang talampakan ang luwang niyon at ang haba niyon, sa loob ng patyo.
5 At magkakaroon doon ng isang mababang patyo at isang mataas na patyo, alinsunod sa huwarang ibibigay sa inyo pagkaraan nito.
6 At ito ay ilalaan sa Panginoon magmula sa saligan niyon, alinsunod sa orden ng pagkasaserdote, alinsunod sa huwarang ibibigay sa inyo pagkaraan nito.
7 At ito ay ganap na ilalaan sa Panginoon para sa gawain ng panguluhan.
8 At hindi ninyo ipahihintulot ang anumang [a]maruming bagay na pumasok dito; at ang aking [b]kaluwalhatian ay paroroon, at ako ay paroroon.
9 Subalit kung may papasok dito na anumang [a]maruming bagay, ang aking kaluwalhatian ay hindi paroroon; at ako ay hindi paroroon.
10 At muli, katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang ikalawang lote sa timog ay ilalaan sa akin para sa pagtatayo ng bahay para sa akin, para sa gawain ng [a]paglilimbag ng mga [b]salin ng aking mga banal na kasulatan, at lahat ng bagay anuman ang aking iuutos sa inyo.
11 At ito ay magiging limampu't lima at animnapu't limang talampakan ang luwang nito at ang haba niyon, sa loob ng patyo; at magkakaroon ng mababa at mataas na patyo.
12 At ang bahay na ito ay ganap na ilalaan sa Panginoon mula sa saligan niyon, para sa gawain ng paglilimbag, sa lahat ng bagay anuman ang iuutos ko sa inyo, na maging banal,

**94** 1*a* D at T 93:45.
*b* GBK Istaka.
2*a* D at T 52:14–15.
3*a* D at T 107:9, 22.
8*a* Lu. 19:45–46; D at T 109:16–20.
*b* 1 Hari 8:10–11. GBK Kaluwalhatian.
9*a* D at T 97:15–17.
10*a* D at T 104:58–59.
*b* GBK Pagsasalin ni Joseph Smith (PJS).

walang bahid-dungis, alinsunod sa huwaran sa lahat ng bagay na ibibigay sa inyo.
13 At sa ikatlong lote tatanggapin ng aking tagapaglingkod na si Hyrum Smith ang kanyang mana.
14 At sa una at ikalawang lote sa hilaga tatanggapin ng aking mga tagapaglingkod na sina Reynolds Cahoon at Jared Carter ang kanilang mga mana—
15 Upang kanilang maisagawa ang gawaing aking itinakda sa kanila, na maging isang lupon upang itayo ang aking mga bahay, alinsunod sa kautusan, na ako, ang Panginoong Diyos, ang nagbigay sa inyo.
16 Ang dalawang bahay na ito ay hindi itatayo hangga't hindi ako nagbibigay sa inyo ng isang kautusan hinggil sa mga ito.
17 At ngayon ako ay hindi na magbibigay sa inyo ng iba pa sa oras na ito. Amen.

## BAHAGI 95

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Kirtland, Ohio, ika-1 ng Hunyo 1833 (*History of the Church, *1:350–352). Ang paghahayag na ito ay isang pagpapatuloy sa mga banal na tagubilin na magtayo ng mga bahay para sa pagsamba at pagtuturo, lalung-lalo na ang bahay ng Panginoon (tingnan sa bahagi 88:119–136 at bahagi 94).*

*1–6, Ang mga Banal ay pinarusahan dahil sa kanilang kabiguang itayo ang bahay ng Panginoon; 7–10, Ang Panginoon ay nagnanais na gamitin ang kanyang bahay upang pagkalooban ang kanyang mga tao ng kapangyarihan mula sa itaas; 11–17, Ang bahay ay ilalaan bilang isang lugar ng pagsamba at para sa paaralan ng mga Apostol.*

KATOTOHANAN, ganito ang wika ng Panginoon sa inyo na aking minamahal, at ang aking minamahal ay akin ding [a]pinarurusahan upang ang kanilang mga kasalanan ay [b]mapatawad, sapagkat kasama sa pagpaparusa ay aking inihahanda ang daan para sa kanilang [c]ikaliligtas sa lahat ng bagay mula sa [d]tukso, at akin kayong minamahal—
2 Dahil dito, kayo ay talagang kinakailangang parusahan at kagalitan sa aking harapan;
3 Sapagkat kayo ay nagkasala sa akin ng isang mabigat na kasalanan, na hindi ninyo isinaalang-alang ang dakilang kautusan sa lahat ng bagay, na aking ibinigay sa inyo hinggil sa pagtatayo ng aking [a]bahay;

**95** 1*a* Deut. 11:1–8; Kaw. 13:18; Heb. 12:5–11; Hel. 15:3; D at T 101:4–5; 105:6. GBK Parusa, Pagpaparusa.
*b* GBK Magpatawad.
*c* 1 Cor. 10:13.
*d* GBK Tukso, Panunukso.
3*a* Hag. 1:7–11; D at T 88:119. GBK Templo, Bahay ng Panginoon.

4 Para sa paghahanda kung saan aking binalak na ihanda ang aking mga apostol na [a]pungusan ang aking ubasan sa huling pagkakataon, upang aking maisagawa ang aking [b]di-pangkaraniwang gawain, upang aking [c]maibuhos ang aking Espiritu sa lahat ng laman—
5 Subalit masdan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, na marami ang naordenan sa inyo, na aking tinawag ngunit kaunti lamang sa kanila ang [a]napili.
6 Sila na hindi napili ay nagkasala ng isang mabigat na kasalanan, sapagkat sila ay lumalakad sa [a]kadiliman sa katanghaliangtapat.
7 At dahil dito ako ay nagbigay sa inyo ng isang kautusan na kayo ay tumawag ng inyong [a]kapita-pitagang kapulungan, upang ang inyong [b]pag-aayuno at ang inyong pagdadalamhati ay makarating sa mga tainga ng Panginoon ng [c]Sabaoth, na sa pagbibigay-kahulugan, ang [d]tagapaglikha ng unang araw, ang simula at ang wakas.
8 Oo, katotohanang sinasabi ko sa inyo, ako ay nagbigay sa inyo ng isang kautusan na kayo ay magtayo ng isang bahay, na kung saang bahay ako ay nagbabalak na [a]magkaloob sa aking mga pinili ng kapangyarihan mula sa itaas;
9 Sapagkat ito ang [a]pangako ng Ama sa inyo; kaya nga't ako ay nag-utos sa inyo na manatili, gaya ng aking mga apostol sa Jerusalem.
10 Gayunman, ang aking mga tagapaglingkod ay nagkasala ng isang mabigat na kasalanan; at nagkaroon ng mga [a]pagtatalo sa [b]paaralan ng mga propeta; na napakasakit para sa akin, wika ng inyong Panginoon; kaya nga't pinalabas ko sila upang parusahan.
11 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, aking kalooban na magtayo kayo ng isang bahay. Kung inyong susundin ang aking mga kautusan kayo ay magkakaroon ng kapangyarihang itayo ito.
12 Kung hindi ninyo [a]susundin ang aking mga kautusan, ang [b]pag-ibig ng Ama ay hindi magpapatuloy sa inyo, samakatwid kayo ay maglalakad sa kadiliman.
13 Ngayon narito ang karunungan, at ang isipan ng Panginoon—ang bahay ay itatayo hindi alinsunod sa pamamaraan

4*a* Jac. 5:61–75; D at T 24:19; 33:3–4. GBK Ubasan ng Panginoon.
*b* Is. 28:21; D at T 101:95.
*c* Kaw. 1:23; Joel 2:28; D at T 19:38. GBK Kaloob ng Espiritu, Mga; Espiritu Santo.
5*a* Mat. 20:16; D at T 105:35–37; 121:34–40. GBK Hinirang, Pagkakahirang.
6*a* GBK Kadiliman, Espirituwal na.
7*a* D at T 88:70, 74–82, 117–120.
*b* GBK Ayuno, Pag-aayuno.
*c* GBK Jehova.
*d* GBK Likha, Paglikha.
8*a* D at T 38:32; 39:15; 43:16; 110:9–10. GBK Endowment.
9*a* Lu. 24:49.
10*a* GBK Kaguluhan.
*b* GBK Paaralan ng mga Propeta.
12*a* Juan 15:10.
*b* 1 Juan 2:10, 15.

ng sanlibutan, dahil hindi ko ibinibigay sa inyo na kayo ay mamuhay alinsunod sa pamamaraan ng sanlibutan;
14 Samakatwid, itayo ito alinsunod sa pamamaraang aking ipakikita sa tatlo sa inyo, na inyong itatalaga at oordenan sa kapangyarihang ito.
15 At ang magiging sukat niyon ay limampu at limang talampakan ang luwang, at ito ay magiging animnapu't limang talampakan ang haba, sa loob ng patyo niyon.
16 At ang mababang bahagi ng loob ng patyo ay ilalaan sa akin para sa inyong paghahandog ng sakramento, at para sa inyong pangangaral, at sa inyong pag-aayuno, at sa inyong pananalangin, at sa [a]pag-aalay ng inyong pinakabanal na mga naisin sa akin, wika ng Panginoon.
17 At ang mataas na bahagi ng loob ng patyo ay ilalaan sa akin para sa paaralan ng aking mga apostol, wika ng Anak na [a]Ahman; o, sa ibang salita, Alphus; o, sa ibang salita, Omegus; maging si Jesucristo na inyong [b]Panginoon. Amen.

## BAHAGI 96

*Paghahayag na ibinigay kay Joseph Smith, ang Propeta, ipinakikita ang ayos ng lunsod o istaka ng Sion sa Kirtland, Ohio, ika-4 ng Hunyo 1833, ibinigay bilang halimbawa sa mga Banal sa Kirtland (*History of the Church, *1:352–353). Ang pagkakataon ay isang pagpupulong ng mataas na saserdote, at ang pangunahing paksa ng pagsasaalang-alang ay pamamahagi ng ilang lupain, kilala bilang sakahang Pranses, pag-aari ng Simbahan malapit sa Kirtland. Yayamang ang kapulungan ay hindi magkasundo kung sino ang mamamahala ng sakahan, lahat ay nagkasundong magtanong sa Panginoon hinggil sa bagay na ito.*

*1, Ang Istaka ng Kirtland ng Sion ay palalakasin; 2–5, Ang obispo ang maghahati ng mga mana para sa mga Banal; 6–9, Si John Johnson ay magiging kasapi ng nagkakaisang orden.*

MASDAN, sinasabi ko sa inyo, narito ang karunungan, upang inyong malaman kung ano ang gagawin hinggil sa bagay na ito, sapagkat kapaki-pakinabang sa akin na ang [a]istakang ito na aking itinatag para sa lakas ng Sion ay mapalakas.
2 Samakatwid, ang aking tagapaglingkod na si Newel K. Whitney ang mamamahala ng lugar sa inyo, kung saan aking balak na magtayo ng aking banal na bahay.
3 At muli, hatiin ito sa mga lote, ayon sa karunungan, para

16*a* D at T 59:9–14.
17*a* D at T 78:20.
*b* GBK Panginoon.
**96** 1*a* Is. 33:20; 54:2.
GBK Istaka.

sa kapakinabangan ng mga naghahangad ng mga mana, ayon sa pagpapasiya sa pagsasanggunian sa inyo.
4 Samakatwid, tiyakin na inyong haharapin ang bagay na ito, at ang bahaging yaon na kinakailangan para sa kapakinabangan ng aking [a]orden, para sa hangaring maipahayag ang aking salita sa mga anak ng tao.
5 Sapagkat masdan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, ito ang pinakakapaki-pakinabang sa akin, na ang aking salita ay maiparating sa mga anak ng tao, para sa hangaring mapalambot ang mga puso ng mga anak ng tao para sa inyong ikabubuti. Maging gayon nga. Amen.
6 At muli, katotohanang sinasabi ko sa inyo, karunungan at kapaki-pakinabang sa akin, na ang aking tagapaglingkod na si John Johnson kung kaninong handog ay aking tinanggap, at kung kaninong mga panalangin ay aking narinig, sa kanya ako ay nagbibigay ng pangako ng buhay na walang hanggan yayamang kanyang sinusunod ang aking mga kautusan magmula ngayon—
7 Sapagkat siya ay inapo ni [a]Jose at kabahagi ng mga pagpapala ng pangakong ginawa sa kanyang mga ama—
8 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, kapaki-pakinabang sa akin na siya ay maging kasapi ng orden, upang siya ay makatulong sa pagdadala ng aking salita sa mga anak ng tao.
9 Samakatwid inyo siyang oordenan sa pagpapalang ito, at siya ay magsusumikap na maalis ang mga pagkakautang na nasa bahay na nabanggit sa inyo, upang siya ay manirahan doon. Maging gayon nga. Amen.

## BAHAGI 97

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Kirtland, Ohio, ika-2 ng Agosto 1833 (*History of the Church, *1:400–402). Ang paghahayag na ito ay may kinalaman lalung-lalo na sa pamumuhay ng mga Banal sa Sion, Jackson County, Missouri, bilang tugon sa pagtatanong ng Propeta para sa kaalaman mula sa Panginoon. Ang mga kasapi ng Simbahan sa Missouri sa panahong ito ay nasa matinding pag-uusig at, noong ika-23 ng Hulyo 1833, ay napilitang lumagda sa isang kasunduang lisanin ang Jackson County.*

*1–2, Maraming Banal sa Sion (Jackson County, Missouri) ang pinagpala dahil sa kanilang katapatan; 3–5, Si Parley P. Pratt ay pinapurihan dahil sa kanyang mga gawain sa paaralan ng Sion; 6–9, Yaong mga tumutupad sa kanilang mga tipan ay tinatanggap ng Panginoon; 10–17, Isang bahay ang itatayo sa Sion kung saan ang*

4*a* D at T 78:3–4. GBK Nagkakaisang Orden.
7*a* GBK Jose, Anak ni Jacob.

*mga may dalisay na puso ay maka-
kikita sa Diyos; 18–21, Ang Sion
ay dalisay na puso; 22–28, Ang
Sion ay makatatakas sa parusa ng
Panginoon kung siya ay tapat.*

KATOTOHANANG sinasa-
bi ko sa inyo aking mga
kaibigan, ako ay nangungusap
sa inyo sa aking tinig, maging
ang tinig ng aking Espiritu,
upang aking maipakita sa inyo
ang aking kalooban hinggil sa
inyong mga kapatid sa lupain
ng [a]Sion, marami sa kanila ay
tunay na mapagpakumbaba at
masigasig na naghahangad na
matuto ng karunungan at ma-
tagpuan ang katotohanan.
2 Katotohanan, katotohanang
sinasabi ko sa inyo, pinagpala
ang gayon, sapagkat sila ay
makatatamo; sapagkat ako, ang
Panginoon, ay nagpapakita ng
awa sa lahat ng [a]maaamo, at sa
lahat ng sino mang aking nai-
sin, upang ako ay mabigyan ng
katarungan sa aking pagdada-
la sa kanila sa paghuhukom.
3 Masdan, sinasabi ko sa inyo,
hinggil sa [a]paaralan sa Sion,
ako, ang Panginoon, ay labis na
nalulugod na magkakaroon ng
paaralan sa Sion, at gayon din
sa aking tagapaglingkod na si
[b]Parley P. Pratt, dahil sa siya ay
nananatiling tapat sa akin.
4 At yayamang siya ay magpa-
patuloy sa pananatiling tapat sa
akin siya ay magpapatuloy na
mamuno sa paaralan sa lupain
ng Sion hanggang sa ako ay
magbigay sa kanya ng iba pang
mga kautusan.
5 At akin siyang pagpapalain
ng katakut-takot na pagpapala,
sa pagpapaliwanag ng lahat ng
banal na kasulatan at mga hi-
waga sa pagpapatibay sa paa-
ralan, at ng simbahan sa Sion.
6 At sa natitira sa paaralan,
ako, ang Panginoon, ay han-
dang magpakita ng awa; gayun-
man, may mga yaong talagang
kinakailangang [a]parusahan, at
ang kanilang mga gawa ay ibu-
bunyag.
7 Ang [a]palakol ay nakalagay
sa ugat ng mga punungkahoy;
at bawat punungkahoy na hin-
di [b]magbubunga ng mabuti ay
puputulin at ihahagis sa apoy.
Ako, ang Panginoon, ang nag-
sabi nito.
8 Katotohanang sinasabi ko sa
inyo, lahat sa kanila na nakaba-
batid na ang kanilang mga [a]pu-
so ay [b]tapat, at bagbag, at ang
kanilang mga kaluluwa ay
nagsisisi, at [c]handang tuparin
ang kanilang mga tipan sa
pamamagitan ng [d]paghaha-
in—oo, bawat paghahain na
ako, ang Panginoon, ay ipag-
uutos—sila ay [e]tinatanggap ko.
9 Sapagkat ako, ang Pangino-
on, ay pagbubungahin sila tulad
sa isang mabungang punungka-

**97** 1*a* GBK Sion.
2*a* Mat. 5:5; Mos. 3:19.
3*a* GBK Paaralan ng mga Propeta.
*b* GBK Pratt, Parley Parker.
6*a* GBK Parusa, Pagpaparusa.
7*a* Mat. 3:10.
*b* Lu. 6:43–45; Alma 5:36, 52; 3 Ne. 14:15–20.
8*a* GBK Bagbag na Puso.
*b* GBK Matapat, Katapatan.
*c* D at T 64:34.
*d* GBK Hain.
*e* D at T 52:15; 132:50.

hoy na itinanim sa mabuting lupa, sa tabi ng isang dalisay na sapa, na nagbubunga ng labis na mahahalagang bunga.

10 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, na aking kalooban na magtayo ng isang [a]bahay para sa akin sa lupain ng Sion, katulad ng [b]huwarang ibinigay ko sa inyo.

11 Oo, kaagad itong itayo, sa pamamagitan ng ikapu ng aking mga tao.

12 Masdan, ito ang [a]ikapu at hain na ako, ang Panginoon, ay hinihingi sa kanilang mga kamay, upang magkaroon ng isang [b]bahay na itatayo sa akin para sa kaligtasan ng Sion—

13 Para isang lugar ng [a]pagbibigay-pasalamat para sa lahat ng banal, at para isang lugar ng pagtuturo para sa lahat ng tinawag sa gawain ng ministeryo sa lahat ng kanilang iba't ibang tawag at mga katungkulan;

14 Upang sila ay maging ganap sa kanilang [a]pag-unawa sa kanilang ministeryo, sa teoriya, sa alituntunin, at sa doktrina, sa lahat ng bagay na nauukol sa [b]kaharian ng Diyos sa mundo, ang mga [c]susi ng nasabing kaharian ay ipinagkatiwala sa inyo.

15 At yayamang ang aking mga tao ay magtatayo ng isang bahay sa akin sa pangalan ng Panginoon, at hindi pahihintulutan ang anumang [a]maruming bagay na pumasok dito, upang ito ay hindi madungisan, ang aking [b]kaluwalhatian ay mananatili rito;

16 Oo, ako ay [a]paroroon, dahil ako ay papasok doon, at lahat ng may [b]dalisay na puso na papasok dito ay makikita ang Diyos.

17 Ngunit kung ito ay dudungisan hindi ako papasok doon, at ang aking kaluwalhatian ay hindi paroroon; dahil sa ako ay hindi paroroon sa mga hindi banal na templo.

18 At, ngayon, masdan, kung gagawin ng Sion ang mga bagay na ito siya ay [a]uunlad, at kakalat siya at magiging napakamaluwalhati, napakadakila, at napakakakila-kilabot.

19 At ang mga [a]bansa sa mundo ay pararangalan siya, at magsasabi: Tiyak na ang [b]Sion ang lunsod ng ating Diyos, at tiyak na ang Sion ay hindi babagsak, ni matitinag sa kanyang kinalalagyan, dahil ang Diyos ay naroroon, at ang kamay ng Panginoon ay naroroon;

10*a* D at T 57:3; 88:119; 124:51.
*b* D at T 115:14–16.
12*a* GBK Ikapu.
*b* GBK Templo, Bahay ng Panginoon.
13*a* GBK Salamat, Nagpapasalamat, Pasasalamat.
14*a* GBK Pagkaunawa.
*b* GBK Kaharian ng Diyos o Kaharian ng Langit.
*c* GBK Susi ng Pagkasaserdote, Mga.
15*a* D at T 94:9; 109:20–21.
*b* Hag. 2:7; D at T 84:5.
16*a* D at T 110:1–10.
*b* Mat. 5:8; D at T 67:10–13; 88:68. GBK Dalisay, Kadalisayan.
18*a* D at T 90:24; 100:15.
19*a* Is. 60:14; Zac. 2:10–12; D at T 45:66–70; 49:10.
*b* GBK Bagong Jerusalem.

20 At siya ay nanumpa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kanyang lakas na maging kanyang kaligtasan at kanyang mataas na [a]tore.
21 Samakatwid, katotohanan, ganito ang wika ng Panginoon, ang Sion ay magdiwang, dahil ito ang [a]Sion—ANG MAY DALISAY NA PUSO; samakatwid, ang Sion ay magdiwang, samantalang ang lahat ng masama ay magdadalamhati.
22 Dahil masdan, at narito, ang [a]paghihiganti ay mabilis na darating sa hindi maka-Diyos gaya ng ipu-ipo; at sino ang makatatakas dito?
23 Ang [a]parusa ng Panginoon ay daraan sa gabi at sa araw, at ang ulat niyon ay gugulo sa lahat ng tao; oo, at hindi ito mapatitigil hanggang sa pumarito ang Panginoon;
24 Sapagkat ang galit ng Panginoon ay nagsisiklab laban sa kanilang mga karumal-dumal na gawa at sa lahat ng kanilang masamang gawain.
25 Gayunpaman, ang Sion ay [a]makatatakas kung kanyang tutuparin ang lahat ng bagay anuman ang iniutos ko sa kanya.
26 Subalit kung hindi niya tutuparin ang anumang iniutos ko sa kanya, akin siyang [a]parurusahan alinsunod sa kanyang mga gawa, nang may matinding pagpapahirap, ng [b]peste, ng salot, ng espada, ng [c]paghihiganti, ng [d]mapanglamong apoy.
27 Gayunpaman, basahin ito minsan pa sa kanyang mga tainga, na ako, ang Panginoon, ay tinanggap ang kanyang handog; at kung siya ay hindi na magkakasala pa [a]wala sa mga bagay na ito ang sasapit sa kanya;
28 At akin siyang [a]pagpapalain ng mga pagpapala, at magpaparami ng pagkarami-raming pagpapala sa kanya, at sa kanyang mga salinlahi magpakailanman at walang katapusan, wika ng Panginoon ninyong Diyos. Amen.

## BAHAGI 98

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Kirtland, Ohio, ika-6 ng Agosto 1833 (*History of the Church, *1:403–406). Ang paghahayag na ito ay dumating bunga ng pag-uusig sa mga Banal sa Missouri. Mangyari pa ang mga Banal sa Missouri, matapos na magdusa sa katawan at gayon din matapos mawalan ng ari-arian, ay nakadama ng pagnanais na makaganti at maghiganti. Dahil dito, ibinigay ng Panginoon ang paghahayag na ito. Bagaman ang ilang bali-*

20*a* 2 Sam. 22:3.
21*a* Moi. 7:18. GBK Dalisay, Kadalisayan; Sion.
22*a* GBK Paghihiganti.
23*a* Is. 28:14–19; D at T 45:31.
25*a* 2 Ne. 6:13–18; D at T 63:34; JS—M 1:20.
26*a* D at T 84:54–59.
*b* Lu. 21:10–13.
*c* Mal. 4:1–3; 3 Ne. 21:20–21.
*d* Joel 1:15–20.
27*a* Ez. 18:27.
28*a* GBK Pagpapala, Pagpapalain, Pinagpala.

*ta ng mga suliranin sa Missouri ay walang alinlangang nakarating sa Propeta sa Kirtland (may 1450 kilometro ang layo), ang kalubhaan ng kalagayan ay nakarating sa kanya sa petsang ito sa pamamagitan lamang ng paghahayag.*

*1–3, Ang mga paghihirap ng mga Banal ay para sa kanilang kabutihan; 4–8, Ang mga Banal ay nararapat na umayon sa saligang batas ng lupain; 9–10, Ang matatapat, marurunong, at mabubuting tao ay nararapat na itaguyod para sa mga pamahalaang walang kaugnayan sa relihiyon; 11–15, Ang mga yaong naghain ng kanilang buhay para sa layunin ng Panginoon ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan; 16–18, Talikuran ang digmaan at ipahayag ang kapayapaan; 19–22, Ang mga Banal sa Kirtland ay pinagsabihan at inutusang magsisi; 23–32, Ipinahayag ng Panginoon ang kanyang mga batas na sumasaklaw sa mga pag-uusig at pagpapahirap na ipinataw sa kanyang mga tao; 33–38, Ang digmaan ay makatwiran lamang kung ito ay ipinag-uutos ng Panginoon; 39–48, Ang mga Banal ay nararapat na patawarin ang kanilang mga kaaway, na, kung sila ay magsisi, ay maliligtas din sa paghihiganti ng Panginoon.*

KATOTOHANANG sinasabi ko sa inyo aking mga kaibigan, huwag [a]matakot, maaliw sa inyong mga puso; oo, magsaya kailanpaman, at sa lahat ng bagay ay magbigay-[b]pasasalamat;
2 Matiyagang [a]naghihintay sa Panginoon, sapagkat ang inyong mga panalangin ay nakarating sa tainga ng Panginoon ng Sabaoth, at natatala sa tatak na ito at testamento—ang Panginoon ay sumumpa at nag-utos na ang mga ito ay ipagkakaloob.
3 Samakatwid, ibinigay niya ang pangakong ito sa inyo, nang may hindi mababagong tipan na ang mga yaon ay matutupad; at lahat ng bagay na kung saan kayo [a]pinahirapan ay magkakalakip na gagawa para sa inyong ikabubuti, at para sa kaluwalhatian ng aking pangalan, wika ng Panginoon.
4 At ngayon, katotohanang sinasabi ko sa inyo hinggil sa mga batas ng lupain, aking kalooban na ang aking mga tao ay tumupad sa lahat ng bagay anuman ang aking ipinag-uutos sa kanila.
5 At ang yaong [a]batas ng lupain na naaayon sa [b]saligang-batas, itinataguyod ang alituntunin ng kalayaan sa pagpapanatili ng mga karapatan at pribilehiyo, ay para sa buong sangkatauhan, at makatwiran sa harapan ko.

**98** 1*a* D at T 68:6.
*b* GBK Salamat, Nagpapasalamat, Pasasalamat.
2*a* Awit 27:14; Is. 30:18–19; D at T 133:45.
3*a* D at T 122:7. GBK Pagdurusa.
5*a* 1 Ped. 2:13–14; D at T 58:21; 134:5.
*b* D at T 101:77–80; 109:54. GBK Saligang-batas; Malaya, Kalayaan.

6 Samakatwid, ako, ang Panginoon, ay nagbibigay-katwiran sa inyo, at sa inyong mga kapatid sa aking simbahan, sa pakikipagkaibigan sa batas na yaon na siyang saligang-batas ng lupain;
7 At hinggil sa batas ng tao, ano man ang labis o kulang dito, ay nagmumula sa masama.
8 Ako, ang Panginoong Diyos, ay [a]nagpapalaya sa inyo, samakatwid kayo ay malaya nga; at ang batas din ay nagpapalaya sa inyo.
9 Gayunpaman, kapag ang [a]masama ang namamahala ang mga tao ay nagdadalamhati.
10 Dahil dito, ang [a]matatapat at marurunong na tao ay nararapat na matiyagang hanapin, at ang mabubuting tao at marurunong na tao ang nararapat ninyong itaguyod; kung hindi, ano man ang kulang dito ay nagmumula sa masama.
11 At ako ay nagbibigay sa inyo ng isang kautusan, na talikuran ninyo ang lahat ng masama at mangunyapit sa lahat ng mabuti, na kayo ay mamuhay sa pamamagitan ng bawat [a]salita na namumutawi sa bibig ng Diyos.
12 Sapagkat kanyang [a]ibibigay sa matapat taludtod sa taludtod, utos sa utos; at akin kayong [b]susubukin at susukatin magmula ngayon.
13 At sino man ang [a]maghahain ng kanyang buhay para sa aking layunin, para sa aking pangalan, ay matatagpuan ito, maging buhay na walang hanggan.
14 Samakatwid, huwag kayong [a]matakot sa inyong mga kaaway, sapagkat aking napagpasiyahan sa aking puso, wika ng Panginoon, na akin kayong [b]susubukin sa lahat ng bagay, kung kayo ay mananatiling tapat sa aking tipan, maging hanggang sa [c]kamatayan, nang kayo ay matagpuang karapat-dapat.
15 Sapagkat kung kayo ay hindi mananatili sa aking tipan kayo ay hindi karapat-dapat sa akin.
16 Samakatwid, [a]talikuran ang [b]digmaan at ipahayag ang [c]kapayapaan, at masigasig na pagsikapang [d]mapabalik-loob ang mga puso ng mga anak sa kanilang mga ama, at ang mga puso ng mga ama sa kanilang mga anak;
17 At muli, ang mga puso ng mga [a]Judio sa mga propeta, at ang mga propeta sa mga Judio; at baka ako ay pumarito at ba-

8*a* Juan 8:32; 2 Cor. 3:17. GBK Kalayaang Mamili; Malaya, Kalayaan.
9*a* Kaw. 29:2.
10*a* GBK Matapat, Katapatan.
11*a* Deut. 8:3; Mat. 4:4; D at T 84:43–44.
12*a* Is. 28:10; D at T 42:61.
*b* Abr. 3:25–26.
13*a* Lu. 9:24; D at T 101:35–38; 103:27–28. GBK Martir, Pagkamartir.
14*a* Neh. 4:14; D at T 122:9.
*b* D at T 124:55.
*c* Apoc. 2:10; D at T 136:31, 39.
16*a* Alma 48:14. GBK Tagapamayapa.
*b* GBK Digmaan.
*c* GBK Kapayapaan.
*d* Mal. 4:5–6; D at T 2:1–2.
17*a* GBK Judio, Mga.

gabagin ang buong mundo ng isang sumpa, at lahat ng laman ay masunog sa harapan ko.

18 Huwag mabagabag ang inyong mga puso; sapagkat sa bahay ng aking Ama ay maraming [a]mansiyon, at ako ay naghanda ng isang lugar para sa inyo; at kung nasaan ang aking Ama at ako, ay paroroon din kayo.

19 Masdan, ako, ang Panginoon, ay hindi labis na nalulugod sa marami sa nasa simbahan sa Kirtland;

20 Sapagkat hindi nila tinalikuran ang kanilang mga kasalanan, at ang kanilang masasamang gawi, ang kapalaluan ng kanilang mga puso, at ang kanilang mga pag-iimbot, at ang lahat ng kanilang kasuklam-suklam na bagay, at sundin ang mga salita ng karunungan at buhay na walang hanggan na aking ibinigay sa kanila.

21 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, na ako, ang Panginoon, ay [a]parurusahan sila at gagawin ang ano mang aking ibig, kung hindi sila magsisisi at susunod sa lahat ng bagay na aking sinabi sa kanila.

22 At muli sinasabi ko sa inyo, kung inyong [a]susundin ang ano mang ipinag-uutos ko sa inyo, ako, ang Panginoon, ay aalisin ang lahat ng poot at galit mula sa inyo, at ang [b]pintuan ng impiyerno ay hindi mananaig sa inyo.

23 Ngayon, ako ay nangungusap sa inyo hinggil sa inyong mga mag-anak—kung [a]babagabagin kayo ng mga tao, o ang inyong mag-anak, sa unang pagkakataon, at inyong matiyagang babatahin ito at hindi mag-aalimura laban sa kanila, ni maghangad na makaganti, kayo ay gagantimpalaan;

24 Subalit kung hindi ninyo ito matiyagang babatahin, ito ay ipalalagay gaya ng [a]sukatan sa inyo bilang isang makatarungang panukat sa inyo.

25 At muli, kung ang inyong kaaway ay babagabagin kayo sa pangalawang pagkakataon, at hindi ninyo aalimurain ang inyong kaaway, at matiyaga itong babatahin, ang inyong gantimpala ay magiging isandaang ulit.

26 At muli, kung babagabagin niya kayo sa pangatlong pagkakataon, at inyo itong [a]matiyagang babatahin, ang inyong gantimpala ay dodoblihin sa inyo ng makaapat na ulit;

27 At ang tatlong patotoong ito ay tatayo laban sa inyong mga kaaway kung hindi siya magsisisi, at ito ay hindi mabubura.

28 At ngayon, katotohanang sinasabi ko sa inyo, kung ang kaaway na yaon ay makatatakas sa aking paghihiganti, nang

18a Juan 14:2; D at T 59:2; 76:111; 81:6.
21a Mos. 23:21; Hel. 12:3. GBK Parusa, Pagpaparusa.
22a GBK Pagsunod, Masunurin, Sumunod.
b Mat. 16:17–18; D at T 33:12–13.
23a Lu. 6:29; Alma 43:46–47. GBK Usigin, Pag-uusig.
24a Mat. 7:1–2.
26a GBK Tiyaga.

sa gayon siya ay hindi madala sa paghuhukom sa harapan ko, kung gayon inyong tiyakin na inyong [a]babalaan siya sa aking pangalan, upang siya ay hindi na muling mambagabag sa inyo, ni sa inyong mag-anak, maging sa mga anak ng inyong mga anak hanggang sa ikatlo at ikaapat na salinlahi.

29 At pagkatapos, kung siya ay mambagabag sa inyo at sa inyong anak o sa mga anak ng inyong mga anak hanggang sa ikatlo at ikaapat na salinlahi, aking ipinagkakaloob ang inyong kaaway sa inyong mga kamay;

30 At pagkatapos kung inyo siyang patatawarin, kayo ay gagantimpalaan dahil sa inyong kabutihan; at gayon din ang inyong mga anak at ang mga anak ng inyong mga anak hanggang sa ikatlo at ikaapat na salinlahi.

31 Gayunman, ang inyong mga kaaway ay nasa inyong mga kamay; at kung inyong gagantimpalaan siya alinsunod sa kanyang mga gawa kayo ay bibigyang-katwiran; kung kanyang hinangad ang inyong buhay, at ang inyong buhay ay manganib sa pamamagitan niya, ang inyong kaaway ay nasa inyong mga kamay at kayo ay bibigyang-katwiran.

32 Masdan, ito ang batas na aking ibinigay sa aking tagapaglingkod na si Nephi, at sa inyong mga [a]ama, si Jose, at Jacob, at si Isaac, at si Abraham, at lahat ng aking mga naunang propeta at apostol.

33 At muli, ito ang aking [a]batas na ibinigay sa aking mga nauna, na sila ay hindi nararapat makidigma laban sa sino mang bansa, lahi, wika, o tao, maliban sa ako, ang Panginoon, ay nag-utos sa kanila.

34 At kung ano mang bansa, wika, o tao ang magpahayag ng digmaan laban sa kanila, sila muna ay magtataas ng isang bandila ng [a]kapayapaan sa mga taong yaon, bansa, o wika;

35 At kung hindi tinanggap ng mga taong yaon ang alay ng kapayapaan, ni ang pangalawa o ang pangatlo nilang pagkakataon, nararapat na dalhin nila ang patotoong ito sa harapan ng Panginoon;

36 Sa gayon ako, ang Panginoon, ay magbibigay sa kanila ng isang kautusan, at bibigyangkatwiran sila na makidigma laban sa bansang yaon, wika, o mga tao.

37 At ako, ang Panginoon, ang [a]lalaban sa kanilang mga digmaan, at ng digmaan ng kanilang mga anak, at anak ng kanilang mga anak, hanggang sa sila ay makaganti sa lahat ng kanilang mga kaaway, hanggang sa ikatlo at ikaapat na salinlahi.

38 Masdan, ito ay isang halimbawa sa lahat ng tao, wika ng Panginoon ninyong Diyos, bilang pagbibigay-katwiran sa harapan ko.

28*a* GBK Babala, Binalaan.
32*a* D at T 27:10.
33*a* Deut. 20:10; Alma 48:14–16.
34*a* D at T 105:38–41.
37*a* Jos. 23:10; Is. 49:25.

39 At muli, katotohanang sinasabi ko sa inyo, kung matapos na ang inyong kaaway ay mambagabag sa inyo sa unang pagkakataon, at siya ay nagsisi at lumapit sa inyo na hinihingi ang inyong kapatawaran, patawarin ninyo siya, at hindi na ito hahawakan bilang patotoo laban sa inyong kaaway—

40 At ito ay hanggang sa pangalawa at pangatlong pagkakataon; at kasindalas ng pagsisisi ng inyong kaaway ng kanilang mga pagkakasala kung saan siya ay nagkasala laban sa inyo, [a]patawarin ninyo siya, hanggang sa pitong ulit ng pitumpu.

41 At kung siya ay magkasala sa inyo at hindi magsisi sa unang pagkakataon, gayunman patawarin ninyo siya.

42 At kung siya ay magkasala sa inyo sa pangalawang pagkakataon, at hindi nagsisi, gayunman patawarin ninyo siya.

43 At kung siya ay magkasala sa inyo sa pangatlong pagkakataon, at hindi nagsisi, gayunman patawarin din ninyo siya.

44 Subalit kung siya ay magkasala sa inyo sa pang-apat na pagkakataon hindi ninyo siya patatawarin, sa halip ay dadalhin ang mga patotoong ito sa harapan ng Panginoon; at ang mga yaon ay hindi mabubura hanggang sa siya ay magsisi at gantimpalaan kayo ng makaapat na ulit sa lahat ng bagay kung saan siya ay nagkasala sa inyo.

45 At kung gagawin niya ito, patawarin ninyo siya nang buo ninyong puso; at kung hindi niya gagawin ito, ako, ang Panginoon, ay [a]ipaghihiganti kayo sa inyong kaaway ng isandaang ulit;

46 At sa kanyang mga anak, at sa mga anak ng kanyang mga anak sa kanilang lahat na napopoot sa akin, hanggang sa [a]ikatlo at ikaapat na salinlahi.

47 Subalit kung ang mga anak ay magsisisi, o ang mga anak ng mga anak, at [a]babaling sa Panginoon nilang Diyos, nang buo nilang puso at buo nilang kakayahan, pag-iisip, at lakas, at magpanumbalik ng makaapat na ulit para sa lahat ng kanilang pagkakasala kung saan sila ay nagkasala, o kung saan ang kanilang mga ama ay nagkasala, o ang mga ama ng kanilang mga ama, sa gayon ang kanilang galit ay mawawala;

48 At ang [a]paghihiganti ay di na sasapit sa kanila, wika ng Panginoon ninyong Diyos, at ang kanilang mga pagkakasala ay di na dadalhin kailanman bilang patotoo sa harapan ng Panginoon laban sa kanila. Amen.

40*a* Mat. 18:21–22; D at T 64:9–11. GBK Magpatawad.
45*a* Morm. 8:20.
46*a* Deut. 5:9–10.
47*a* Mos. 7:33; Morm. 9:6.
48*a* Ez. 18:19–23.

## BAHAGI 99

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, kay John Murdock, Agosto 1832, sa Hiram, Ohio. Bagaman ang mga edisyon ng Doktrina at mga Tipan simula pa sa 1876 ay nagtala sa paghahayag na ito sa Kirtland, Agosto 1833, ang mga naunang edisyon at iba pang talaan ng mga kasaysayan ay nagpapatunay sa wastong kaalaman.*

*1–8, Si John Murdock ay tinawag na magpahayag ng ebanghelyo, at ang mga yaong tumatanggap sa kanya ay tumatanggap sa Panginoon at makatatamo ng awa.*

MASDAN, ganito ang wika ng Panginoon sa aking tagapaglingkod na si John Murdock—ikaw ay tinatawag na humayo sa mga silangang bansa nang bahay-bahay, nang bayan-bayan, at nang lunsud-lunsod, upang ipahayag ang aking walang hanggang ebanghelyo sa mga naninirahan doon, sa gitna ng [a]pag-uusig at kasamaan.
2 At yaong mga [a]tumatanggap sa iyo ay tumatanggap sa akin; at ikaw ay magkakaroon ng kapangyarihang maipahayag ang aking salita sa [b]pagpapatotoo ng aking Banal na Espiritu.
3 At yaong mga tumatanggap sa iyo [a]gaya ng isang maliit na bata, ay tumatanggap sa aking [b]kaharian; at sila ay pinagpala, sapagkat sila ay makatatamo ng [c]awa.
4 At sinuman ang hindi tumanggap sa iyo ay [a]hindi tatanggapin ng aking Ama at ng kanyang sambahayan; at ikaw ay maglilinis ng iyong mga [b]paa sa mga kubling lugar sa daraanan bilang isang patotoo laban sa kanila.
5 At masdan, at narito, ako ay [a]kaagad na [b]maghahatol, upang paniwalain ang lahat sa kanilang di maka-diyos na gawain na kanilang ginawa laban sa akin, gaya ng nasusulat sa akin sa tomo ng aklat.
6 At ngayon, katotohanang sinasabi ko sa iyo, na hindi kapaki-pakinabang na ikaw ay umalis hanggang sa ang iyong mga anak ay mapaglaanan at maipadala nang mabuti sa obispo ng Sion.
7 At pagkalipas ng ilang taon, kung ikaw ay maghahangad sa akin, ikaw ay maaari ring magtungo sa mabuting lupain, upang makamit ang iyong mana;
8 Kung hindi ikaw ay magpapatuloy sa pagpapahayag ng aking ebanghelyo [a]hanggang sa ikaw ay kunin. Amen.

**99** 1*a* GBK Usigin, Pag-uusig.
2*a* Mat. 10:40.
*b* 1 Cor. 2:4–5.
3*a* Mat. 18:1–6.
*b* GBK Kaharian ng Diyos o Kaharian ng Langit.
*c* GBK Awa, Maawain.
4*a* Juan 12:44–50.
*b* D at T 75:19–22.
5*a* D at T 1:11–14.
*b* Jud. 1:14–15. GBK Jesucristo—Hukom.
8*a* Mat. 19:29.

## BAHAGI 100

*Paghahayag na ibinigay kina Joseph Smith, ang Propeta, at Sidney Rigdon, sa Perrysburg, New York, ika-12 ng Oktubre 1833 (*History of the Church, *1:416, 419–421). Ang dalawang kapatid, na may ilang araw nang wala sa piling ng kanilang mga mag-anak, ay nakadama ng pag-aalala sa kanila.*

*1–4, Sina Joseph at Sidney ay mangangaral ng ebanghelyo para sa kaligtasan ng mga kaluluwa; 5–8, Ibibigay sa kanila sa mga oras na yaon kung ano ang kanilang sasabihin; 9–12, Si Sidney ay magiging tagapagsalita at si Joseph ang magiging tagapaghayag at makapangyarihan sa pagpapatotoo; 13–17, Ang Panginoon ay magbabangon ng mga taong dalisay, at ang mga masunurin ay maliligtas.*

KATOTOHANAN, ganito ang wika ng Panginoon sa inyo, aking mga kaibigang [a]Sidney at [b]Joseph, ang inyong mga mag-anak ay nasa mabuting kalagayan; sila ay nasa aking mga kamay, at aking gagawin sa kanila kung ano ang inaakala kong mabuti; sapagkat sa akin naroon ang lahat ng kapangyarihan.

2 Samakatwid, sumunod sa akin, at makinig sa mga payo na ibibigay ko sa inyo.

3 Masdan, at narito, ako ay maraming tao sa lugar na ito, sa mga pook sa paligid; at isang pintuan ang bubuksan sa mga lugar sa paligid dito sa silangang lupain.

4 Samakatwid, ako, ang Panginoon, ay pinayagan kayong magtungo sa lugar na ito; sapagkat sa gayon ito kapaki-pakinabang sa akin para sa [a]kaligtasan ng mga kaluluwa.

5 Samakatwid, katotohanang sinasabi ko sa inyo, itaas ang inyong mga tinig sa mga taong ito; [a]sabihin ninyo ang mga bagay na ilalagay ko sa inyong mga puso, at hindi kayo malilito sa harapan ng mga tao;

6 Sapagkat [a]ibibigay sa inyo sa mga oras na yaon, oo, sa sandali, kung ano ang inyong sasabihin.

7 Subalit isang kautusan ang ibinibigay ko sa inyo, na kayo ay magpahayag ng anumang bagay na inyong [a]ipahahayag sa pangalan ko, sa kataimtiman ng puso, sa diwa ng [b]kaamuan, sa lahat ng bagay.

8 At ibinibigay ko sa inyo ang pangakong ito, na yayamang ginagawa ninyo ito ang [a]Espiritu Santo ay ibubuhos sa pagpapatotoo sa lahat ng bagay anuman ang inyong sasabihin.

9 At kapaki-pakinabang sa akin na ikaw, aking tagapaglingkod na Sidney, ay maging

**100** 1*a* GBK Rigdon, Sidney.
*b* GBK Smith, Joseph, Jr.
4*a* GBK Kaligtasan.
5*a* Hel. 5:18; D at T 68:3–4.
6*a* Mat. 10:19–20; D at T 84:85.
7*a* D at T 84:61.
*b* GBK Maamo, Kaamuan.
8*a* 2 Ne. 33:1–4.

[a]tagapagsalita sa mga taong ito; oo, katotohanan, ikaw ay inoordenan ko sa tungkuling ito, maging isang tagapagsalita sa aking tagapaglingkod na si Joseph.

10 At bibigyan ko siya ng kapangyarihan na maging makapangyarihan sa [a]patotoo.

11 At bibigyan kita ng kapangyarihan na maging [a]makapangyarihan sa pagpapaliwanag ng lahat ng banal na kasulatan, upang ikaw ay maging isang tagapagsalita sa kanya, at siya ay magiging [b]tagapaghayag sa iyo, upang malaman mo ang katiyakan ng lahat ng bagay na nauukol sa mga bagay ng aking kaharian sa mundo.

12 Samakatwid, ipagpatuloy ang inyong paglalakbay at ang inyong puso ay magsaya; sapagkat masdan, at narito, ako ay kasama ninyo maging hanggang sa wakas.

13 At ngayon ibinibigay ko sa inyo ang isang salita hinggil sa [a]Sion. Ang Sion ay [b]tutubusin, bagaman siya ay parurusahan sa maikling panahon.

14 Ang inyong mga kapatid, ang aking mga tagapaglingkod na sina Orson [a]Hyde at John Gould, ay nasa aking mga kamay; at yayamang sinusunod nila ang aking mga kautusan sila ay maliligtas.

15 Samakatwid, maaliw sa inyong mga puso; sapagkat ang [a]lahat ng bagay ay magkakalakip na gagawa para sa ikabubuti nila na lumalakad nang matwid, at sa pagpapabanal ng simbahan.

16 Sapagkat ako ay magbabangon sa aking sarili ng mga [a]dalisay na tao, na maglilingkod sa akin sa kabutihan;

17 At lahat ng [a]nananawagan sa pangalan ng Panginoon, at sumusunod sa kanyang mga kautusan, ay maliligtas. Maging gayon nga. Amen.

## BAHAGI 101

*Paghahayag na ibinigay kay Joseph Smith, ang Propeta, sa Kirtland, Ohio, ika-16 ng Disyembre 1833 (*History of the Church, *1:458–464). Sa panahong ito ang mga Banal na nagtipon sa Missouri ay dumaranas ng matinding pag-uusig. Ang mga manggugulo ay pinalayas sila mula sa kanilang mga tahanan sa Jackson County, at ang ilan sa mga Banal ay nagtangkang itatag ang kanilang sarili sa Van Buren County, subalit ang pag-uusig ay sumunod sa kanila. Ang pinakamalaking pangkat ng mga Banal ng panahong yaon ay nasa Clay County, Missouri. Mga pagbabanta ng kamatayan laban sa mga tao ng Simbahan ay marami.*

9*a* Ex. 4:14–16; 2 Ne. 3:17–18; D at T 124:103–104.
10*a* GBK Magpatotoo.
11*a* Alma 17:2–3.
*b* D at T 124:125.
13*a* GBK Sion.
*b* D at T 84:99; 105:9–10, 31, 37.
14*a* GBK Hyde, Orson.
15*a* Rom. 8:28; D at T 90:24; 105:40.
16*a* GBK Dalisay, Kadalisayan.
17*a* Joel 2:32; Alma 38:4–5.

*Ang mga tao ay nawalan ng mga kasangkapan sa bahay, kasuotan, mga hayop, at iba pang pansariling ari-arian; at marami sa kanilang mga pananim ang nawasak.*

*1–8, Ang mga Banal ay pinarusahan at pinahirapan dahil sa kanilang mga pagkakasala; 9–15, Ang galit ng Panginoon ay babagsak sa mga bansa, subalit ang kanyang mga tao ay titipunin at aaliwin; 16–21, Ang Sion at ang kanyang mga istaka ay itatatag; 22–31, Ang uri ng buhay sa panahon ng Milenyo ay ipinahayag; 32–42, Ang mga Banal ay pagpapalain at gagantimpalaan sa panahong ito; 43–62, Ang talinghaga ng taong maharlika at ng mga puno ng olibo ay sumasagisag sa mga kaguluhan at ang pagkakatubos ng Sion sa huli; 63–75, Ang mga Banal ay kailangang magpatuloy sa pagtitipun-tipon; 76–80, Itinatag ng Panginoon ang Saligang-batas ng Estados Unidos; 81–101, Ang mga Banal ay kailangang magsumamo sa tuwina para sa pagbibigay-lunas ng mga karaingan, alinsunod sa talinghaga ng babae at ng hindi makatarungang hukom.*

KATOTOHANANG sinasabi ko sa iyo, hinggil sa iyong mga kapatid na pinahirapan, at [a]inusig, at [b]pinalayas mula sa lupain na kanilang mana—

2 Ako, ang Panginoon, ay hinayaan ang [a]paghihirap na dumating sa kanila, kung saan sila ay pinahirapan, bilang bunga ng kanilang mga [b]paglabag;

3 Gayunpaman aariin ko sila, at sila ay magiging [a]akin sa araw na yaon kung kailan ako papariito upang buuin ang aking mga alahas.

4 Kaya nga, sila ay talagang kinakailangang [a]parusahan at subukan, maging gaya ni [b]Abraham, na inutusang ialay ang kanyang nag-iisang anak na lalaki.

5 Sapagkat lahat ng yaong hindi makatitiis ng pagpaparusa, sa halip [a]itinatatwa ako, ay hindi [b]mapapababanal.

6 Masdan, sinasabi ko sa iyo, may mga pagsasalungatan, at mga [a]pagtatalu-talo, at mga [b]inggitan, at mga alitan, at [c]mahalay at mapag-imbot na mga pagnanasa sa kanila; samakatwid sa pamamagitan ng mga bagay na ito ay dinumihan nila ang kanilang mga mana.

7 Sila ay mabagal sa [a]pagdinig sa tinig ng Panginoon nilang Diyos; kaya nga, ang Panginoon

**101** 1*a* GBK Usigin, Pag-uusig.
*b* D at T 103:1–2, 11; 109:47.
2*a* D at T 58:3–4.
*b* Mos. 7:29–30; D at T 103:4; 105:2–10.
3*a* Is. 62:3; Mal. 3:17; D at T 60:4.
4*a* D at T 95:1–2; 136:31. GBK Parusa, Pagpaparusa.
*b* Gen. 22:1–14; Jac. 4:5. GBK Abraham.
5*a* Mat. 10:32–33; Rom. 1:16; 2 Ne. 31:14.
*b* GBK Pagpapabanal.
6*a* GBK Kaguluhan.
*b* GBK Inggit.
*c* GBK Pagnanasa.
7*a* Is. 59:2; Mos. 11:22–25; 21:15; Alma 5:38.

nilang Diyos ay mabagal sa pagdinig sa kanilang mga panalangin, sa pagsagot sa kanila sa araw ng kanilang suliranin.
8 Sa araw ng kanilang kapayapaan ay hindi gaano nilang pinahalagahan ang aking payo; subalit, sa araw ng kanilang [a]kaguluhan, dahil sa pangangailangan ay [b]inaapuhap nila ako.
9 Katotohanang sinasabi ko sa iyo, sa kabila ng kanilang mga kasalanan, ang aking kalooban ay napupuspos ng [a]pagkahabag sa kanila. Hindi ko sila ganap na [b]itatakwil; at sa araw ng [c]pagkapoot aking maaalaala ang awa.
10 Aking isinumpa, at ang utos ay lumabas na sa naunang kautusan na aking ibinigay sa iyo, na aking pababagsakin ang [a]espada ng aking galit para sa kapakanan ng aking mga tao; at maging gaya ng aking sinabi, ito ay mangyayari.
11 Ang aking galit ay malapit nang ibuhos nang walang sukat sa lahat ng bansa; at ito ay aking gagawin kapag ang saro ng kanilang mga kasamaan ay [a]puno na.
12 At sa araw na iyon lahat ng matatagpuan sa [a]tore, o sa ibang salita, lahat ng aking Israel, ay maliligtas.
13 At sila na ikinalat ay [a]titipunin.
14 At lahat sila na [a]nagdalamhati ay aaliwin.
15 At lahat sila na nagbigay ng kanilang [a]buhay para sa aking pangalan ay puputungan.
16 Kaya nga, maaliw sa inyong mga puso hinggil sa Sion; sapagkat lahat ng laman ay nasa aking mga [a]kamay; mapanatag at [b]malaman na ako ang Diyos.
17 Ang [a]Sion ay hindi matitinag sa kanyang kinaroroonan, sa kabila ng ang kanyang mga anak ay nakakalat.
18 Sila na naiwan, at dalisay ang puso, ay babalik, at babalik sa kanilang mga [a]mana, sila at ang kanilang mga anak, na may mga [b]awit ng walang hanggang kagalakan, upang [c]itayo ang sira-sirang lugar ng Sion—
19 At lahat ng bagay na ito upang ang mga propeta ay matupad.
20 At, masdan, wala nang iba pang [a]lugar na itinakda maliban sa yaon na aking itinakda; ni may iba pang lugar na itatakda maliban sa yaon na aking itinakda, para sa gawain ng pagtititipon ng aking mga banal—
21 Hanggang sa dumating ang araw na wala nang matatagpu-

8*a* Hel. 12:3.
*b* Gawa 17:27; Alma 32:5–16.
9*a* GBK Pagkahahabag; Awa, Maawain.
*b* Jer. 30:11.
*c* D at T 98:21–22.
10*a* D at T 1:13–14.
11*a* Hel. 13:14; Eter 2:9–11.
12*a* GBK Magbantay, Mga Tagabantay.
13*a* Deut. 30:3–6; 1 Ne. 10:14. GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
14*a* Mat. 5:4.
15*a* Mat. 10:39. GBK Martir, Pagkamartir.
16*a* Moi. 6:32.
*b* Ex. 14:13–14; Awit 46:10.
17*a* GBK Sion.
18*a* D at T 103:11–14.
*b* Is. 35:10; D at T 45:71. GBK Awitin.
*c* Amos 9:13–15; D at T 84:2–5; 103:11.
20*a* D at T 57:1–4.

ang lugar para sa kanila; at sa panahong ito ako ay may iba pang mga lugar na aking itatakda para sa kanila, at sila ay tatawaging mga [a]istaka, para sa mga tabing o lakas ng Sion.

22 Masdan, aking kalooban, na lahat sila na tumatawag sa aking pangalan, at sinasamba ako alinsunod sa aking walang hanggang ebanghelyo, ay dapat na sama-samang [a]magtipon, at [b]tumayo sa mga banal na lugar;

23 At maghanda para sa paghahayag na darating, kapag ang [a]tabing ng panakip ng aking templo, sa aking tabernakulo, na nagtatago sa lupa, ay aalisin, at lahat ng laman ay [b]makikita ako nang sabay-sabay.

24 At lahat ng [a]nabubulok na bagay, maging ng tao, o ng mga hayop sa parang, o ng mga ibon sa langit, o ng mga isda sa dagat, na naninirahan sa balat ng lupa, ay [b]mauubos;

25 At gayon din yaong sa elemento ay [a]matutunaw sa matinding init; at lahat ng bagay ay magiging [b]bago, upang ang aking kaalaman at [c]kaluwalhatian ay maaaring manatili sa buong mundo.

26 At sa araw na yaon ang [a]pag-aalitan ng tao, at ang pag-aalitan ng mga hayop, oo, ang pag-aalitan ng lahat ng laman, ay [b]matitigil mula sa harapan ng aking mukha.

27 At sa araw na iyon anuman ang hilingin ng sinumang tao, ito ay ipagkakaloob sa kanya.

28 At sa araw na iyon si [a]Satanas ay walang kapangyarihan upang tuksuhin ang sinumang tao.

29 At wala nang [a]kalungkutan dahil walang kamatayan.

30 Sa araw na iyon ang isang [a]sanggol ay hindi mamamatay hanggang sa siya ay matanda na; at ang kanyang buhay ay magiging gaya sa gulang ng isang puno;

31 At kapag siya ay namatay siya ay hindi matutulog, ibig sabihin ay sa lupa, kundi [a]mababago sa isang kisap-mata, at [b]aagawin, at ang kanyang pamamahinga ay magiging maluwalhati.

32 Oo, katotohanang sinasabi ko sa inyo, sa [a]araw na iyon kapag ang Panginoon ay pumarito, [b]ihahayag niya ang lahat ng bagay—

21*a* D at T 82:13–14; 115:6, 17–18. GBK Istaka.
22*a* GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
*b* Mat. 24:15; D at T 45:32; 115:6.
23*a* GBK Tabing.
*b* Is. 40:5; D at T 38:8; 93:1. GBK Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
24*a* D at T 29:24.
*b* Zef. 1:2–3; Mal. 4:1; D at T 88:94; JS—K 1:37.
25*a* Amos 9:5; 2 Ped. 3:10–14. GBK Mundo—Paglilinis ng mundo.
*b* Apoc. 21:5.
*c* GBK Milenyo.
26*a* Is. 11:6–9. GBK Alitan.
*b* GBK Kapayapaan.
28*a* Apoc. 20:2–3; 1 Ne. 22:26; D at T 88:110.
29*a* Apoc. 21:4.
30*a* Is. 65:20–22; D at T 63:51.
31*a* 1 Cor. 15:52; D at T 43:32.
*b* 1 Tes. 4:16–17.
32*a* D at T 29:11. GBK Milenyo.
*b* D at T 121:26–28.

33 Mga bagay na nakalipas, at
mga [a]nakatagong bagay na walang sinuman ang nakaaalam, mga bagay sa lupa, kung paano ito nagawa, at ang layunin at ang pakay nito—
34 Mga bagay na labis na mahalaga, mga bagay na nasa itaas, at mga bagay na nasa ilalim, mga bagay na nasa lupa, at sa ibabaw ng lupa, at nasa langit.
35 At lahat sila na nagdusa ng [a]pag-uusig para sa aking pangalan, at nagtiis sa pananampalataya, bagaman sila ay tinawag na ialay ang kanilang mga buhay para sa aking [b]kapakanan gayunpaman sila ay makababahagi ng lahat ng kaluwalhatiang ito.
36 Dahil dito, huwag matakot maging sa [a]kamatayan; sapagkat sa daigdig na ito ang inyong kagalakan ay hindi lubos, subalit sa akin ang inyong [b]kagalakan ay lubos.
37 Kaya nga, huwag intindihin ang katawan, ni ang buhay ng katawan; sa halip intindihin ang [a]kaluluwa, at ang buhay ng kaluluwa.
38 At [a]hanapin ang mukha ng Panginoon tuwina, upang sa [b]pagtitiyaga ay maaari ninyong matamo ang inyong mga kaluluwa, at kayo ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan.
39 Kapag ang mga tao ay tinawag sa aking [a]walang hanggang ebanghelyo, at nakipagtipan na may walang hanggang tipan, sila ay ituturing bilang [b]asin ng lupa at lasa ng mga tao;
40 Sila ay tinawag na maging lasa ng mga tao; kaya nga, kung yaong asin ng lupa ay mawawalan ng lasa, masdan, ito magbuhat ngayon ay wala nang ano pa mang kabuluhan kundi upang itapon sa labas at yurakan ng mga tao.
41 Masdan, narito ang karunungan hinggil sa mga anak ng Sion, maging marami, subalit hindi lahat; sila ay natagpuang mga lumalabag, kaya nga sila ay talagang kinakailangang [a]parusahan—
42 Siya na [a]dumadakila sa kanyang sarili ay ibababa, at siya na [b]nagbababa sa kanyang sarili ay dadakilain.
43 At ngayon, ipakikita ko sa inyo ang isang talinghaga, upang inyong malaman ang aking kalooban hinggil sa pagtubos ng Sion.
44 May isang taong [a]maharlika na may isang pirasong lupa, piling-pili; at kanyang sinabi sa kanyang mga tagapaglingkod:

33*a* GBK Hiwaga ng Diyos, Mga.
35*a* D at T 63:20. GBK Usigin, Pag-uusig.
*b* D at T 98:13.
36*a* GBK Kamatayan, Pisikal na.
*b* GBK Kagalakan.
37*a* GBK Kaluluwa.
38*a* 2 Cron. 7:14; D at T 93:1.
*b* GBK Tiyaga.
39*a* GBK Bago at Walang Hanggang Tipan.
*b* Mat. 5:13; D at T 103:10.
41*a* GBK Parusa, Pagpaparusa.
42*a* Obad. 1:3–4; Lu. 14:11; Hel. 4:12–13.
*b* Lu. 18:14. GBK Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba.
44*a* D at T 103:21–22.

Humayo kayo sa aking [b]ubasan, maging hanggang sa bahaging ito ng lupa, at magtanim ng labindalawang puno ng olibo;
45 At maglagay ng mga [a]bantay sa palibot nila, at magtayo ng tore, upang ang isa ay matunghayan ang lupain na nasa palibot, upang maging isang bantay sa tore, upang ang aking puno ng olibo ay hindi masira kapag ang kaaway ay dumating upang sirain at kunin ang bunga ng aking ubasan.
46 Ngayon, ang mga tagapaglingkod ng taong maharlika ay humayo at gumawa gaya ng ipinag-utos sa kanila ng kanilang panginoon, at nagtanim ng mga puno ng olibo, at nagtayo ng bakod sa palibot, at naglagay ng mga bantay, at nagsimulang magtayo ng tore.
47 At habang sila ay nagtatayo pa lamang ng saligan nito, sila ay nagsimulang magsabi sa kani-kanilang sarili: At ano ang paggagamitan ng aking panginoon sa toreng ito?
48 At nagsanggunian sa mahabang panahon, sinasabi sa kanilang sarili: Ano ang paggagamitan ng aking panginoon sa toreng ito, nakikitang ngayon ay panahon ng kapayapaan?
49 Hindi kaya maaaring ibigay ang salaping ito sa mga nagpapalit? Sapagkat walang paggagamitan ang bagay na ito.
50 At habang sila ay nagkikipagtalo sa isa't isa sila ay naging napakatatamad, at hindi na sila nakinig sa mga utos ng kanilang panginoon.
51 At ang kaaway ay dumating ng gabi, at sinira ang [a]bakod; at ang mga tagapaglingkod ng taong maharlika ay tumayo at mga natakot, at tumakas; at winasak ng kaaway ang kanilang mga ginawa, at sinira ang mga puno ng olibo.
52 Ngayon, masdan, ang taong maharlika, ang panginoon ng ubasan, ay tinawag ang kanyang mga tagapaglingkod, at sinabi sa kanila, Bakit! ano ang dahilan ng labis na kasamaang ito?
53 Hindi ba nararapat na ginawa ninyo ang gaya ng aking ipinag-utos sa inyo, at—pagkaraang inyong tamnan ang ubasan, at itinayo ang bakod sa palibot, at naglagay ng mga bantay sa mga pader niyon—magtayo rin ng tore, at maglagay ng bantay sa tore, at bantayan ang aking ubasan, at hindi nakatulog, at baka dumating ang kaaway sa inyo?
54 At masdan, ang bantay sa tore ay makikita ang kaaway samantalang sila ay malayo pa; at pagkatapos kayo ay maaaring nakapaghanda at napigil ang kaaway sa pagsira ng bakod doon, at nailigtas ang aking ubasan mula sa mga kamay ng mangwawasak.
55 At sinabi ng panginoon ng ubasan sa isa niyang mga taga-

44*b* gbk Ubasan ng Panginoon.
45*a* Ez. 33:2, 7; 3 Ne. 16:18. gbk Magbantay, Mga Tagabantay.
51*a* Is. 5:1–7.

paglingkod: Humayo at sama-
samang tipunin ang natira sa
aking mga tagapaglingkod, at
dalhin ang [a]lahat ng lakas
ng aking sambahayan, na si-
yang aking mga mandirigma,
ang aking mga kabataang lala-
ki, at sila na nasa katanghaliang-
gulang din sa lahat ng aking ta-
gapaglingkod, na siyang lakas
ng aking sambahayan, maliban
sa yaon na aking itinalaga la-
mang na manatili;
56 At magtungo ka kaagad sa
lupain ng aking ubasan, at tu-
busin ang aking ubasan; sapag-
kat ito ay akin; binili ko ito ng
salapi.
57 Kaya nga, magtungo ka ka-
agad sa aking lupain; sirain ang
mga bakod ng aking mga kaa-
way; gibain ang kanilang tore, at
ikalat ang kanilang mga bantay.
58 At yayamang sila ay sama-
samang nagtitipon laban sa
inyo, [a]ipaghiganti ako sa aking
mga kaaway, upang maya-maya
ako ay makatungo kasama ng
mga natira sa aking sambaha-
yan at angkinin ang lupain.
59 At sinabi ng tagapagling-
kod sa kanyang panginoon: Ka-
ilan mangyayari ang mga bagay
na ito?
60 At kanyang sinabi sa kan-
yang tagapaglingkod: Kapag
aking niloob; humayo ka ka-
agad, at gawin ang lahat ng ba-
gay anuman ang aking ipinag-
utos sa iyo;
61 At ito ang aking magiging
tatak at pagpapala sa iyo—
isang matapat at [a]matalinong
katiwala sa gitna ng aking sam-
bahayan, isang [b]tagapamahala
sa aking kaharian.
62 At ang kanyang tagapag-
lingkod ay nagtungo kaagad, at
ginawa ang lahat ng bagay anu-
man ang ipinag-utos ng kan-
yang panginoon sa kanya; at
[a]pagkaraan ng maraming araw
ang lahat ng bagay ay natupad.
63 Muli, katotohanang sinasa-
bi ko sa inyo, ipakikita ko sa
inyo ang karunungan sa akin
hinggil sa lahat ng simbahan,
yayamang sila ay nakahandang
maakay sa tama at wastong pa-
mamaraan para sa kanilang ka-
ligtasan—
64 Upang ang gawain ng
pagtitipong magkakasama ng
aking mga banal ay magpatu-
loy, upang akin silang maitayo
sa aking pangalan sa mga [a]banal
na lugar; sapagkat ang panahon
ng [b]pag-aani ay dumating na, at
ang aking salita ay talagang ki-
nakailangang [c]matupad.
65 Kaya nga, kailangan kong
tipuning magkakasama ang
aking mga tao, alinsunod sa
talinghaga ng trigo at ng mga
[a]agingay, upang ang trigo ay
maging ligtas sa mga bangan
upang matamo ang buhay na
walang hanggan, at maputu-
ngan ng [b]kaluwalhatiang selesti-
yal, kapag ako ay paparoon sa

55*a* D at T 103:22, 29–30; 105:16, 29–30.
58*a* D at T 97:22–24; 105:15.
61*a* D at T 78:22.
*b* Mat. 25:20–23.
62*a* D at T 105:37.
64*a* D at T 87:8.
*b* D at T 33:3, 7. GBK Pag-aani.
*c* D at T 1:38.
65*a* Mat. 13:6–43; D at T 86:1–7.
*b* GBK Kaluwalhatiang Selestiyal.

kaharian ng aking Ama upang
gantimpalaan ang bawat tao
alinsunod sa gawaing kanyang
ginawa;
66 Samantalang ang mga agi-
ngay ay itatali ng bungkus-
bungkos, at ang kanilang mga
gapos ay titibayan, upang sila
ay [a]masunog ng hindi maapu-
lang apoy.
67 Kaya nga, isang kautusan
ang aking ibinibigay sa buong
simbahan, na sila ay magpapa-
tuloy na magtipong sama-sama
sa mga lugar na aking itinakda.
68 Gayunman, gaya ng aking
sinabi sa inyo sa naunang ka-
utusan, huwag maging madali-
an sa inyong [a]pagtitipon, ni sa
pagtakas; kundi ihanda ang la-
hat ng bagay sa inyo.
69 At upang ang lahat ng ba-
gay ay maihanda sa inyo, tupa-
rin ang kautusang aking ibini-
gay hinggil sa mga bagay na
ito—
70 Na nagsasabi, o nagtuturo,
na bilhin ang lahat ng lupain ng
salapi, na maaaring [a]bilhin ng
salapi, sa dako sa paligid ng lu-
pain na aking itinakda na ma-
ging lupain ng Sion, para sa
pagsisimula ng pagtitipon ng
aking mga banal;
71 Lahat ng lupain na maa-
aring bilhin sa Jackson County,
at ang mga county sa paligid,
at iwanan ang natira sa aking
kamay.
72 Ngayon, katotohanang sina-
sabi ko sa inyo, tipunin ng bu-
ong simbahan ang lahat ng ka-
nilang salapi; gawin ang lahat
ng bagay na ito sa kanilang pa-
nahon, subalit hindi nang [a]ma-
dalian; at pag-aralan na mai-
handa ang lahat ng bagay sa
inyo.
73 At ang mararangal na tao
ay italaga, maging ang matata-
linong tao, at isugo sila upang
bilhin ang mga lupaing ito.
74 At ang mga simbahan sa si-
langang mga bansa, kapag sila
ay naitayo na, kung sila ay ma-
kikinig sa payong ito sila ay ma-
kabibili ng mga lupain at titi-
puning sama-sama sa kanila; at
sa ganitong pamamaraan maa-
ari nilang maitatag ang Sion.
75 Mayroon na maging ngayon
ng naitabing sapat, oo, maging
ng sagana, upang tubusin ang
Sion, at itatag ang kanyang mga
nasirang lugar, hindi na muling
maibabagsak, sapagkat ang mga
simbahan, na tinatawag ang ka-
nilang sarili alinsunod sa aking
pangalan, ay [a]nakahandang ma-
kinig sa aking tinig.
76 At muli aking sinasabi sa
inyo, yaong mga ikinalat ng ka-
nilang mga kaaway, aking ka-
looban na sila ay dapat na mag-
patuloy na magsumamo para sa
bayad-pinsala, at matubos, sa
pamamagitan ng mga kamay ng
mga yaong inilagay bilang mga
tagapamahala at may kapang-
yarihan sa inyo—
77 Alinsunod sa mga batas at
[a]saligang-batas ng mga tao, na
aking pinahintulutang maitatag,
at dapat na panatilihin para sa

66*a* Nah. 1:5; Mat. 3:12; D at T 38:12; 63:33–34.
68*a* D at T 58:56.
70*a* D at T 63:27–29.
72*a* Is. 52:10–12.
75*a* Alma 5:37–39.
77*a* GBK Pamahalaan.

mga [b]karapatan at kaligtasan ng
lahat ng laman, alinsunod sa
matwid at banal na mga alituntunin;
78 Nang ang bawat tao ay makakilos sa doktrina at alituntunin na nauukol sa hinaharap,
alinsunod sa moral na [a]kalayaan sa pagpili na aking ibinigay
sa kanya, upang ang bawat tao
ay [b]managot sa kanyang sariling
mga kasalanan sa araw ng [c]paghuhukom.
79 Samakatwid, hindi tama na
ang sinuman ay nasa gapos ng
isa't isa.
80 At dahil sa layuning ito
aking itinatag ang [a]Saligang-batas ng lupaing ito, sa pamamagitan ng kamay ng matatalinong tao na aking ibinangon sa
tanging layuning ito, at tinubos
ang lupain sa pamamagitan ng
[b]pagdanak ng dugo.
81 Ngayon, sa ano ko ihahalintulad ang mga anak ng Sion?
Akin silang ihahalintulad sa
[a]talinghaga ng babae at ng hindi matwid na hukom, sapagkat
ang mga tao ay nararapat na
tuwinang [b]manalangin at hindi
manghinawa, na nagsasabing—
82 May isang hukom sa isang
lunsod na hindi natatakot sa
Diyos, ni isinasaalang-alang ang
tao.
83 At may isang balong babae
sa lunsod na iyon, at siya ay
nagtungo sa kanya, nagsasabing: Ipaghiganti mo ako sa
aking kaaway.
84 At ayaw niya noong una, subalit pagkatapos ay sinabi niya
sa kanyang sarili: Bagaman hindi ako natatakot sa Diyos, ni
nagsasaalang-alang sa tao, gayunpaman dahil ang balong ito
ay ginagambala ako akin siyang
ipaghihiganti, na baka sa kanyang patuloy na paglapit pagurin niya ako.
85 Sa gayon ko ihahalintulad
ang mga anak ng Sion.
86 Magsumamo sila sa paanan
ng hukom;
87 At kung hindi niya sila intindihin, magsumamo sila sa paanan ng gobernador;
88 At kung hindi sila intindihin ng gobernador, magsumamo sila sa paanan ng pangulo;
89 At kung hindi sila intindihin
ng pangulo, sa gayon ang Panginoon ay babangon at lalabas mula sa kanyang [a]pinagtataguang lugar, at sa kanyang
matinding galit ay gagambalain ang bansa;
90 At sa kanyang mainit na
pagkayamot, at sa kanyang matinding galit, sa kanyang panahon, ay iwawaksi yaong masasama, hindi tapat, at hindi matwid na mga [a]katiwala, at itatakda sa kanila ang kanilang bahagi

77*b* GBK Malaya, Kalayaan.
78*a* GBK Kalayaang Mamili.
*b* GBK Mananagot, Pananagutan, May Pananagutan.
*c* GBK Paghuhukom, Ang Huling.
80*a* 2 Ne. 1:7–9; D at T 98:5–6. GBK Saligang-batas.
*b* 1 Ne. 13:13–19.
81*a* Lu. 18:1–8.
*b* GBK Panalangin.
89*a* Is. 45:15; D at T 121:1, 4; 123:6.
90*a* GBK Katiwala, Ipinagkatiwala.

kasama ng mga mapagkunwari, at [b]hindi naniniwala;
91 Maging sa labas na kadiliman, kung saan may [a]pagtatangis, at pananaghoy, at pagngangalit ng mga ngipin.
92 Manalangin kayo, samakatwid, upang ang kanilang mga tainga ay mabuksan sa inyong mga pagsusumamo, upang ako ay maging [a]maawain sa kanila, upang ang mga bagay na ito ay hindi sumapit sa kanila.
93 Ano man ang sinabi ko sa inyo ay talagang kinakailangang mangyari, upang ang lahat ng tao ay maiwang walang [a]dahilan;
94 Upang ang matatalinong tao at tagapamahala ay marinig at malaman yaong hindi nila kailanman [a]isinaalang-alang;
95 Upang ako ay makapagpatuloy na maisakatuparan ang aking gawa, ang aking [a]kakaibang gawa, at isakatuparan ang aking gawain, ang aking kakaibang gawain, upang [b]makilala ng mga tao ang mabuti at ang masama, wika ng inyong Diyos.
96 At muli, sinasabi ko sa inyo, salungat sa aking kautusan at sa aking kalooban na ang aking tagapaglingkod na si Sidney Gilbert ay dapat ipagbili ang aking [a]kamalig, na aking itinalaga sa aking mga tao, sa mga kamay ng aking mga kaaway.
97 Huwag hayaan na yaong aking itinalaga ay dumihan ng aking mga kaaway, sa pamamagitan ng pagpapahintulot ng mga yaong [a]tinatawag ang kanilang sarili alinsunod sa aking pangalan;
98 Sapagkat ito ay isang matindi at mabigat na kasalanan laban sa akin, at laban sa aking mga tao, bilang bunga ng yaong mga bagay na aking iniutos at hindi magtatagal ay sasapit sa mga bansa.
99 Samakatwid, ito ang kalooban ko na ang aking mga tao ay dapat umangkin, at mag-angkin sa yaon na aking itinalaga sa kanila, bagaman hindi sila dapat pahintulutang manirahan doon.
100 Gayunman, hindi ko sinasabi na hindi sila makapaninirahan doon; sapagkat yayamang sila ay nagdadala ng bunga at mga gawang nararapat para sa aking kaharian sila ay makapaninirahan doon.
101 Sila ay magtatayo, at hindi ito [a]mamanahin ng iba; sila ay magtatanim ng mga ubasan, at kanilang kakainin ang bunga niyon. Maging gayon nga. Amen.

90*b* Apoc. 21:8. GBK Kawalang-paniniwala.
91*a* Mat. 25:30; D at T 19:5; 29:15–17; 124:8.
92*a* GBK Awa, Maawain.
93*a* Rom. 1:18–21.
94*a* Is. 52:15; 3 Ne. 20:45; 21:8.
95*a* Is. 28:21; D at T 95:4.
*b* Mal. 3:18. GBK Pagkilala, Kaloob na.
96*a* GBK Kamalig.
97*a* D at T 103:4; 112:25–26; 125:2.
101*a* Is. 65:21–22. GBK Milenyo.

## BAHAGI 102

*Ang katitikan ng pagkakatatag ng unang mataas na kapulungan ng Simbahan, sa Kirtland, Ohio, ika-17 ng Pebrero 1834 (*History of the Church, *2:28–31). Ang orihinal na katitikan ay naitala nina Elder Oliver Cowdery at Orson Hyde. Pagkaraan ng dalawang araw, ang katitikan ay iwinasto ng Propeta, binasa sa mataas na kapulungan, at tinanggap ng kapulungan. Talata 30 hanggang 32, may kinalaman sa Kapulungan ng Labindalawang Apostol, ay idinagdag ni Propeta Joseph Smith noong 1835 nang kanyang ihanda ang bahaging ito para sa paglilimbag ng Doktrina at mga Tipan.*

*1–8, Isang mataas na kapulungan ang itinalaga upang isaayos ang mahahalagang suliranin na nagaganap sa Simbahan; 9–18, Ang mga pamamaraan ay ibinigay para sa paglilitis ng mga usapin; 19–23, Ang pangulo ng kapulungan ang magbibigay ng pasiya; 24–34, Ang pamamaraan ukol sa paghahabol ay ipinahayag.*

NGAYONG araw na ito isang pangkalahatang pagpupulong ng dalawampu't apat na mataas na saserdote ang nagtipon sa bahay ni Joseph Smith, Jun., sa pamamagitan ng paghahayag, at nagpatuloy upang itatag ang [a]mataas na kapulungan ng simbahan ni Cristo, na kinakailangang buuin ng labindalawang mataas na saserdote, at isa o tatlong pangulo kung hinihingi ng pagkakataon.

2 Ang mataas na kapulungan ay itinalaga sa pamamagitan ng paghahayag para sa layunin ng pagsasaayos ng mahahalagang suliranin na maaaring maganap sa simbahan, na hindi maisasaayos ng simbahan o ng kapulungan ng [a]obispo sa ikasisiya ng mga pangkat.

3 Sina Joseph Smith, Jun., Sidney Rigdon at Frederick G. Williams ay kinilalang mga pangulo ng tinig ng kapulungan; at sina Joseph Smith, Sen., John Smith, Joseph Coe, John Johnson, Martin Harris, John S. Carter, Jared Carter, Oliver Cowdery, Samuel H. Smith, Orson Hyde, Sylvester Smith, at Luke Johnson, matataas na saserdote, ay pinili na maging isang tumatayong kapulungan para sa simbahan, sa pamamagitan ng nagkakaisang tinig ng kapulungan.

4 Ang mga pangalan sa itaas na mga tagapayo ay tinanong pagkatapos kung kanilang tinatanggap ang kanilang pagkakatalaga, at kung sila ay gagawa sa katungkulang iyon alinsunod sa batas ng langit, kung saan lahat sila ay sumagot na kanilang tinanggap ang kanilang mga pagkakatalaga, at gagampanan ang kanilang mga katungkulan alinsunod sa biyaya ng Diyos na ipinagkaloob sa kanila.

**102** 1*a* GBK Mataas na Kapulungan.
2*a* D at T 107:72–74.

5 Ang bilang na bumubuo sa
kapulungan, na bumoto sa pa-
ngalan at para sa simbahan sa
pagtalaga ng mga pangalang
binanggit sa itaas na mga taga-
payo ay apatnapu't tatlo, gaya
ng mga sumusunod: siyam na
matataas na saserdote, labing-
pitong elder, apat na saserdote,
at labintatlong kasapi.
6 Pinagtibay: na ang mataas na
kapulungan ay hindi maaaring
magkaroon ng kapangyarihan
na magsagawa kung wala ang
pito sa mga pangalang binang-
git sa itaas na mga tagapayo, o
ang kanilang maayos na itinala-
ga na mga kahalili ay naroroon.
7 Ang pitong ito ay magkaka-
roon ng kapangyarihan na mag-
talaga ng iba pang matataas na
saserdote, na maituturing ni-
lang karapat-dapat at may ka-
kayahan upang gumawa sa lu-
gar ng mga libang tagapayo.
8 Pinagtibay: na kung saan
magkakaroon ng puwang gawa
ng kamatayan, pagkaalis mula
sa katungkulan dahil sa pagla-
bag, o pagkaalis mula sa mga
saklaw ng pamahalaan ng sim-
bahang ito, ng sinuman sa mga
pangalang binanggit sa itaas na
mga tagapayo, ito ay pupunan
ng pagmungkahi ng pangulo o
mga pangulo, at pahihintulutan
ng tinig ng pangkalahatang pag-
pupulong ng mataas na saser-
dote, tinipon para sa layuning
iyon, upang gumawa sa panga-
lan ng simbahan.
9 Ang pangulo ng simbahan,
na siya ring pangulo ng kapulu-
ngan, ay itinalaga sa pamama-
gitan ng [a]paghahayag, at [b]kini-
kilala sa kanyang pangangasi-
wa ng tinig ng simbahan.
10 At ito ay alinsunod sa kara-
ngalan ng kanyang katungku-
lan na siya ay dapat mamuno
sa kapulungan ng simbahan; at
kanyang pribilehiyo ito na ma-
tulungan ng dalawa pang pa-
ngulo, itinalaga alinsunod sa ga-
yon ding pamamaraan na kung
saan siya rin ay itinalaga.
11 At sa pangyayaring lumiban
ang isa o kapwa yaong itinalaga
upang tulungan siya, siya ay
may kapangyarihang mamuno
sa kapulungan nang walang ka-
tuwang; at sa pangyayaring siya
rin ay lumiban, ang ibang pa-
ngulo ay may kapangyarihang
mamuno sa lugar niya, kapwa
o isa sa kanila.
12 Kapag ang isang mataas
na kapulungan ng simbahan ni
Cristo ay naitatag nang maa-
yos, alinsunod sa sinusundang
huwaran, magiging tungkulin
ng labindalawang tagapayo na
magpalabunutan ng mga bi-
lang, at sa gayong pamamara-
an matitiyak kung sino sa la-
bindalawa ang mauunang mag-
salita, magsisimula sa bilang isa
at iyon ay sunud-sunod hang-
gang sa bilang labindalawa.
13 Kapag ang kapulungang
ito ay nagtitipun-tipon upang
kumilos sa anumang usapin,
ang labindalawang tagapayo ay
dapat isaalang-alang kung ito

9*a* GBK Paghahayag.
*b* GBK Pagtataguyod sa mga Pinuno ng Simbahan.

ay mahirap o hindi; kung ito ay hindi, dalawa lamang sa mga tagapayo ang mangungusap ukol dito, alinsunod sa pamamaraang nasusulat sa itaas.

14 Subalit kung ito ay inaakalang mahirap, apat ang dapat italaga; at kung mas mahirap, anim; subalit walang pagkakataon na hihigit sa anim ang itatalaga na mangusap.

15 Ang naparatangan, sa lahat ng pagkakataon, ay may karapatan sa kalahati ng kapulungan, upang maiwasan ang paghamak o kawalan ng katarungan.

16 At ang mga tagapayong itinalaga na mangusap sa harapan ng kapulungan ay kailangang iharap ang usapin, pagkaraang masuri ang katibayan, sa kanyang tunay na liwanag sa harapan ng kapulungan; at bawat tao ay mangusap alinsunod sa pagkakapantay-pantay at [a]katarungan.

17 Yaong mga tagapayo na nakabunot ng tukol na mga bilang, yaon ay 2, 4, 6, 8, 10, at 12, ang mga taong tatayo para sa naparatangan, at iiwasan ang paghamak at kawalan ng katarungan.

18 Sa lahat ng pagkakataon ang nagparatang at ang pinaratangan ay magkakaroon ng pribilehiyo na makapagsalita para sa kanilang sarili sa harapan ng kapulungan, pagkaraang marinig ang mga katibayan at ang mga tagapayo na itinalaga upang mangusap sa usapin ay natapos na sa kanilang mga sinabi.

19 Pagkaraang marinig ang mga katibayan, ang mga tagapayo, nagparatang at pinaratangan ay nakapagsalita, ang pangulo ay magbibigay ng pasiya alinsunod sa kanyang pagkaunawa sa pangyayari, at tatawagin ang labindalawang tagapayo upang pagtibayin ang gayon din sa pamamagitan ng kanilang pagboto.

20 Subalit kung ang mga natitirang mga tagapayo, na hindi nagsalita, o sinuman sa kanila, pagkaraang marinig ang mga katibayan at pagsusumamo nang walang kinikilingan, ay nakatuklas ng kamalian sa pasiya ng pangulo, maaari nila itong ipahayag, at ang usapin ay magkakaroon ng muling paglilitis.

21 At kung, pagkaraan ng maingat na muling paglilitis, anumang karagdagang liwanag ang maipakita para sa usapin, ang pasiya ay babaguhin nang naaayon.

22 Subalit sa pangyayari na walang karagdagang liwanag ang naibigay, ang unang pasiya ang mananatili, ang nakararami sa kapulungan ang may kapangyarihan na pagpasiyahan ang gayon din.

23 Sa pangyayaring may suliranin tungkol sa [a]doktrina o alituntunin, kung walang sapat na nasusulat upang gawing malinaw ang usapin sa mga isipan ng kapulungan, ang pangulo ay maaaring magtanong at mata-

16*a* GBK Katarungan.
23*a* Blg. 9:8.

mo ang isipan ng Panginoon sa
pamamagitan ng [b]paghahayag.
24 Ang matataas na saserdote,
kapag nasa ibang bansa, ay may
kapangyarihang tumawag at
magtatag ng kapulungan alin-
sunod sa pamamaraan ng nau-
una, upang isaayos ang mga su-
liranin, kapag ang mga pangkat
o isa man sa kanila ay hihili-
ngin ito.
25 At ang nabanggit na kapu-
lungan ng matataas na saserdo-
te ay magkakaroon ng kapang-
yarihan na magtalaga ng isa sa
kanilang sariling bilang upang
mamuno sa kapulungang iyon
pansamantala.
26 Magiging katungkulan ng
nabanggit na kapulungan na
ipadala, kaagad, ang sipi ng ka-
nilang mga paglilitis, na kasama
ang buong ulat ng patotoo kala-
kip ang kanilang pasiya, sa ma-
taas na kapulungan sa luklukan
ng Unang Panguluhan ng Sim-
bahan.
27 Kung ang mga pangkat o
isa man sa kanila ay di nasisiya-
han sa pasiya ng nasabing kapu-
lungan, sila ay maaaring uma-
pela sa mataas na kapulungan
ng luklukan ng Unang Pangulu-
han ng Simbahan, at magkaroon
ng muling paglilitis, kung aling
usapin ay pangangasiwaan, alin-
sunod sa naunang huwarang
nakasulat, na para bang walang
gayong pasiyang ginawa.
28 Ang kapulungang ito ng
matataas na saserdote na nasa
ibang bansa ay tatawagin la-
mang sa [a]pinakamahirap na
mga usapin ng mga bagay-
bagay sa simbahan; at walang
palasak o pangkaraniwang
usapin ang magiging sapat
upang tawagin ang gayong ka-
pulungan.
29 Ang naglalakbay o nakata-
lagang matataas na saserdote
na nasa ibang bansa ay may ka-
pangyarihang sabihin kung ki-
nakailangang tumawag ng ga-
yong kapulungan o hindi.
30 May pagkakaiba ang mata-
as na kapulungan o naglalakbay
na matataas na saserdote sa
ibang bansa, at ang [a]naglalakbay
na mataas na kapulungan na bi-
nubuo ng labindalawang [b]apos-
tol, sa kanilang mga pasiya.
31 Mula sa pasiya ng nauuna
ay maaaring magkaroon ng ape-
la; subalit mula sa pasiya ng huli
ay wala na.
32 Ang huli ay maaari lamang
tanungin ng pangkalahatang
maykapangyarihan ng simba-
han sa usaping paglabag.
33 Ipinasiya: na ang pangulo o
mga pangulo ng luklukan ng
Unang Panguluhan ng Simba-
han ay may kapangyarihang
tiyakin ang anumang gayong
usapin, kung maaapela, ay ma-
katwiran na bigyan ng isang
muling paglilitis, pagkaraang
masuri ang apela at ang mga ka-
tibayan at ulat na kalakip nito.
34 Ang labindalawang tagapa-
yo pagkatapos ay magpapatu-
loy na magpalabunutan o mag-
halalan sa pamamagitan ng ba-

23*b* GBK Paghahayag.
28*a* D at T 107:78.
30*a* D at T 107:23–24, 35–38.
*b* GBK Apostol.

lota, upang matiyak kung sino ang dapat na maunang magsalita, at ang sumusunod ang kinalabasan, alalaong baga: 1, Oliver Cowdery; 2, Joseph Coe; 3, Samuel H. Smith; 4, Luke Johnson; 5, John S. Carter; 6, Sylvester Smith; 7, John Johnson; 8, Orson Hyde; 9, Jared Carter; 10, Joseph Smith, Sen.; 11, John Smith; 12, Martin Harris. Pagkatapos ng panalangin ang pagpupulong ay natapos na.

OLIVER COWDERY,
ORSON HYDE,
Mga Klerk

## BAHAGI 103

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Kirtland, Ohio, ika-24 ng Pebrero 1834 (*History of the Church, *2:36–39). Ang paghahayag na ito ay natanggap pagkarating sa Kirtland, Ohio, nina Parley P. Pratt at Lyman Wight, na nanggaling sa Missouri upang sumangguni sa Propeta ukol sa kaginhawahan at pagpapanumbalik ng mga Banal sa kanilang mga lupain sa Jackson County.*

*1–4, Kung bakit pinahintulutan ng Panginoon ang mga Banal sa Jackson County na usigin; 5–10, Ang mga Banal ay magtatagumpay kung kanilang susundin ang mga kautusan; 11–20, Ang pagtubos sa Sion ay darating sa pamamagitan ng kapangyarihan, at ang Panginoon ay hahayong nauuna sa kanyang mga tao; 21–28, Ang mga Banal ay magtitipon sa Sion, at yaong mga magbibigay ng kanilang buhay ay matatagpuan muli ang mga ito; 29–40, Maraming kapatid na lalaki ang tinawag upang itatag ang Kampo ng Sion at magtungo sa Sion; sila ay pinangakuan ng tagumpay kung sila ay matapat.*

KATOTOHANANG sinasabi ko sa inyo, aking mga kaibigan, masdan, ibibigay ko sa inyo ang isang paghahayag at kautusan, upang inyong malaman kung paano [a]kumilos sa pagtupad sa inyong mga tungkulin hinggil sa kaligtasan at [b]pagtubos ng inyong mga kapatid, na nakalat sa lupain ng Sion;
2 [a]Pinalayas at inusig ng mga kamay ng aking mga kaaway, kung kanino ko ibubuhos ang aking poot na hindi masusukat sa sarili kong panahon.
3 Sapagkat aking hinayaan sila nang hanggang sa gayon, upang kanilang [a]punuin ang sukatan ng kanilang mga kasamaan, upang ang kanilang saro ay mapuno;
4 At nang ang mga yaong tumatawag sa kanilang sarili alinsunod sa aking pangalan ay

**103** 1*a* D at T 43:8.
*b* D at T 101:43–62.
2*a* D at T 101:1; 109:47.
3*a* Alma 14:10–11; 60:13.

[a]maparusahan sa maikling pa-
nahon nang may matindi at ma-
bigat na pagpaparusa, sapagkat
hindi sila [b]nakinig nang lubos sa
mga panuntunan at kautusan na
aking ibinigay sa kanila.
5 Subalit katotohanang sina-
sabi ko sa inyo, na ako ay nag-
utos ng isang utos na mauuna-
waan ng aking mga tao, yaya-
mang sila ay nakikinig simula
sa oras na ito sa [a]payo na ako,
ang Panginoon nilang Diyos, ay
ibibigay sa kanila.
6 Masdan sila ay, sapagkat
aking iniutos ito, magsisimu-
lang manaig laban sa aking mga
kaaway simula sa oras na ito.
7 At sa pamamagitan ng [a]pa-
kikinig sa lahat ng salita na
aking, ang Panginoon nilang
Diyos, ay sasabihin sa kanila,
sila ay hindi kailanman titigil
na manaig hanggang sa ang
mga [b]kaharian ng sanlibutan
ay malupig sa ilalim ng aking
mga paa, at ang mundo ay [c]ibi-
gay sa mga [d]banal, upang [e]ariin
ito magpakailanman at walang
katapusan.
8 Subalit yayamang hindi nila
[a]sinusunod ang aking mga ka-
utusan, at hindi tumutupad sa
lahat ng aking salita, ang mga
kaharian ng sanlibutan ay ma-
nanaig laban sa kanila.
9 Sapagkat sila ay itinalaga
na maging [a]ilaw sa sanlibutan,
at na maging mga tagapaglig-
tas ng mga tao;
10 At yayamang sila ay hindi
mga tagapagligtas ng mga tao,
sila ay tulad ng [a]asin na nawa-
lan ng lasa, at ito ay wala nang
kabuluhan kundi upang itapon
sa labas at yurakan ng mga tao.
11 Subalit katotohanang sina-
sabi ko sa inyo, ako ay nag-utos
na ang inyong mga kapatid na
nakalat ay babalik sa mga [a]lu-
pain na kanilang mga mana, at
itatayo ang mga wasak na lugar
ng Sion.
12 Sapagkat pagkaraan ng
[a]maraming paghihirap, tulad ng
aking sinabi sa naunang kautu-
san, darating ang pagpapala.
13 Masdan, ito ang pagpapa-
lang aking ipinangako pagkara-
an ng inyong mga pagdurusa, at
ng mga pagdurusa ng inyong
mga kapatid—ang inyong pag-
katubos, at ang pagkakatubos
ng inyong mga kapatid, maging
ang kanilang pagpapanumbalik
sa lupain ng Sion, upang maita-
tag, hindi na muling ibabagsak.
14 Gayunman, kung kanilang
durumihan ang kanilang mga
mana sila ay ibabagsak; sapag-
kat hindi ko sila ililigtas kung
kanilang durumihan ang kani-
lang mga mana.
15 Masdan, sinasabi ko sa inyo,

4*a* D at T 95:1.
GBK Parusa, Pagpaparusa.
*b* D at T 101:2; 105:2–6.
5*a* GBK Payo.
7*a* D at T 35:24.
GBK Pagsunod, Masunurin, Sumunod.
*b* Dan. 2:44.
*c* Dan. 7:27.
*d* GBK Banal (pangngalan).
*e* D at T 38:20.
8*a* Mos. 1:13; D at T 82:10.
9*a* 1 Ne. 21:6.
10*a* Mat. 5:13–16; D at T 101:39–40.
11*a* D at T 101:18.
12*a* Apoc. 7:13–14; D at T 58:4; 112:13.

ang pagtubos ng Sion ay talagang kinakailangang dumating sa pamamagitan ng kapangyarihan;
16 Samakatwid, ako ay magbabangon sa aking mga tao ng isang lalaki, na siyang mamumuno sa kanila gaya ng pamumuno ni [a]Moises sa mga anak ni Israel.
17 Sapagkat kayo ay mga anak ni Israel, at [a]binhi ni Abraham, at kayo ay talagang kailangang maakay palabas mula sa pagkaalipin sa pamamagitan ng kapangyarihan, at nang may nakaunat na bisig.
18 At gaya ng inyong mga ama na inakay noong una, gayon din ang magiging pagtubos sa Sion.
19 Samakatwid, huwag manghina ang inyong mga puso, sapagkat hindi ko sinabi sa inyo gaya ng aking sinabi sa inyong mga ama: Ang aking [a]anghel ay hahayo sa inyo, subalit hindi ang aking [b]kaluwalhatian.
20 Subalit sinasabi ko sa inyo: Ang aking mga [a]anghel ay hahayo sa inyo, at gayon din ang aking kaluwalhatian, at sa tamang panahon [b]maaangkin ninyo ang mabuting lupain.
21 Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, na ang aking tagapaglingkod na si Joseph Smith, Jun., ang [a]lalaki na kung kanino ko inihalintulad ang tagapaglingkod na kung kanino nangusap ang Panginoon ng [b]ubasan sa talinghaga na aking ibinigay sa inyo.
22 Samakatwid sabihin ng aking tagapaglingkod na si Joseph Smith, Jun., sa [a]lakas ng aking sambahayan, aking mga kabataang lalaki at ang mga nasa katanghaliang-gulang—Tipunin ninyo ang inyong sarili sa lupain ng Sion, sa lupain na aking binili ng salapi na inilaan para sa akin.
23 At magpadala ang buong simbahan ng matatalinong tao na dala ang kanilang mga salapi, at [a]bumili ng mga lupain maging gaya ng aking iniutos sa kanila.
24 At yayamang ang aking mga kaaway ay sumasalakay laban sa inyo upang palayasin kayo mula sa aking mabuting [a]lupain, na aking inilaan na maging lupain ng Sion, maging mula sa inyong sariling lupain pagkaraan ng mga patotoong ito, na inyong dinala sa akin laban sa kanila, inyo silang isusumpa;
25 At sinuman ang inyong isumpa, aking isusumpa, at inyo akong ipaghihiganti sa aking mga kaaway.
26 At ang aking kaluwalhatian ay mapapasainyo maging sa [a]paghihiganti para sa akin sa

16*a* Ex. 3:2–10; D at T 107:91–92. GBK Moises.
17*a* GBK Abraham—Ang binhi ni Abraham; Tipang Abraham.
19*a* GBK Anghel, Mga.
*b* D at T 84:18–24.
20*a* Ex. 14:19–20.
*b* D at T 100:13.
21*a* D at T 101:55–58.
*b* GBK Ubasan ng Panginoon.
22*a* D at T 35:13–14; 105:16, 29–30.
23*a* D at T 42:35–36; 57:5–7; 58:49–51; 101:68–74.
24*a* D at T 29:7–8; 45:64–66; 57:1–2.
26*a* D at T 97:22.

aking mga kaaway, hanggang sa pangatlo at pang-apat na salinlahi sa kanila na napopoot sa akin.
27 Huwag matakot ang sinuman na ialay ang kanyang buhay para sa aking kapakanan; sapagkat kung sinuman ang [a]mag-aalay ng kanyang buhay para sa aking kapakanan ay matatagpuan itong muli.
28 At kung sinuman ang hindi nakahandang ialay ang kanyang buhay para sa aking kapakanan ay hindi ko disipulo.
29 Aking kalooban na ang aking tagapaglingkod na si [a]Sidney Rigdon ay magtataas ng kanyang tinig sa mga kongregasyon sa mga bansa sa silangan, sa paghahanda sa mga simbahan na sundin ang mga kautusan na aking ibinigay sa kanila hinggil sa pagpapanumbalik at pagtubos ng Sion.
30 Aking kalooban na ang aking tagapaglingkod na si Parley P. [a]Pratt at ang aking tagapaglingkod na si Lyman Wight ay hindi dapat bumalik sa lupain ng kanilang mga kapatid, hanggang sa sila ay makakuha ng mga kasama upang magtungo sa lupain ng Sion, sampu-sampu, o dala-dalawampu, o lima-limampu, o isang daan, hanggang sa sila ay makaabot sa bilang na limang daang [b]lakas ng aking sambahayan.
31 Masdan ito ang aking kalooban; humingi at ikaw ay makatatanggap; subalit ang mga tao ay [a]hindi ginagawa tuwina ang aking kalooban.
32 Samakatwid, kung hindi kayo makakuha ng limang daan, matiyagang maghanap upang sa pamamagitan ng pakikipagsapalaran ay makakukuha kayo ng tatlong daan.
33 At kung hindi kayo makakukuha ng tatlong daan, matiyagang maghanap upang sa pamamagitan ng pakikipagsapalaran ay makakuha kayo ng isandaan.
34 Subalit katotohanang sinasabi ko sa inyo, isang kautusan ang aking ibinibigay sa inyo, na huwag kayong magtungo sa lupain ng Sion hanggang sa kayo ay makakuha ng isandaang lakas ng aking sambahayan, na makakasama ninyong magtutungo sa lupain ng Sion.
35 Samakatwid, gaya ng aking sinabi sa inyo, humingi at ikaw ay makatatanggap; taimtim na manalangin upang sa pamamagitan ng pakikipagsapalaran ang aking tagapaglingkod na si Joseph Smith, Jun., ay makasama ninyo, at mamumuno sa gitna ng aking mga tao, at itayo ang aking kaharian sa [a]inilaang lupain, at itatag ang mga anak ng Sion sa mga batas at kautusan na ibinigay at ibibigay pa sa inyo.
36 Lahat ng tagumpay at kaluwalhatian ay isinasakatuparan sa inyo dahil sa inyong [a]pagsi-

27*a* Mat. 10:39; Lu. 9:24; D at T 98:13–15; 124:54.
29*a* GBK Rigdon, Sidney.
30*a* GBK Pratt, Parley Parker.
*b* D at T 101:55.
31*a* D at T 82:10.
35*a* D at T 84:31.
36*a* GBK Kasigasigan.

sikap, katapatan, at mga [b]panalangin nang may pananampalataya.
37 Maglakbay ang aking tagapaglingkod na si Parley P. Pratt kasama ang aking tagapaglingkod na si Joseph Smith, Jun.
38 Maglakbay ang aking tagapaglingkod na si Lyman Wight kasama ang aking tagapaglingkod na si Sidney Rigdon.
39 Maglakbay ang aking tagapaglingkod na si Hyrum Smith kasama ang aking tagapaglingkod na si Frederick G. Williams.
40 Maglakbay ang aking tagapaglingkod na si Orson Hyde kasama ang aking tagapaglingkod na si Orson Pratt, anuman ang ipayo sa kanila ng aking tagapaglingkod na si Joseph Smith, Jun., sa pagtatamo ng katuparan ng mga kautusang ito na aking ibinigay sa inyo, at iwan ang nalalabi sa aking mga kamay. Maging gayon nga. Amen.

## BAHAGI 104

*Paghahayag na ibinigay kay Joseph Smith, ang Propeta, ika-23 ng Abril 1834, hinggil sa nagkakaisang orden, o ang orden ng Simbahan para sa kapakinabangan ng mga maralita (*History of the Church, *2:54–60). Ang pangyayari ay yaong pagpupulong ng kapulungan ng Unang Panguluhan at ng iba pang matataas na saserdote, kung saan ang mabibigat na temporal na pangangailangan ng mga tao ay nabigyan ng pagsasaalang-alang. Ang nagkakaisang orden sa Kirtland ay pansamantalang lalansagin at isasaayos muli, at ang mga ari-arian bilang mga pangangasiwaan ay kailangang hatiin sa mga kasapi ng orden.*

*1–10, Ang mga Banal na lumalabag laban sa nagkakaisang orden ay isusumpa; 11–16, Ang Panginoon ay naglalaan para sa kanyang mga Banal sa kanyang sariling pamamaraan; 17–18, Ang batas ng ebanghelyo ay namamahala sa pagkalinga ng mga maralita; 19–46, Ang mga pangangasiwa at pagpapala ng iba't ibang mga kapatid ay tinukoy; 47–53, Ang nagkakaisang orden sa Kirtland at ang orden sa Sion ay kailangang kumilos nang magkahiwalay; 54–66, Ang banal na ingatang-yaman ng Panginoon ay itinatag para sa paglilimbag ng mga banal na kasulatan; 67–77, Ang pangkalahatang ingatang-yaman ng nagkakaisang orden ay kailangang kumilos batay sa pangkalahatang pagsang-ayon; 78–86, Yaong mga nasa nagkakaisang orden ay kailangang magbayad ng lahat ng kanilang pagkakautang, at ang Panginoon ay ililigtas sila mula sa pagkaalipin na nauukol sa pananalapi.*

KATOTOHANANG sinasabi ko sa inyo, aking mga kaibigan, nagbibigay ako sa inyo ng payo; at isang kautusan, hing-

36*b* D at T 104:79–82.

gil sa lahat ng ari-arian na pag-
aari ng orden na aking iniutos
na kailangang itayo at itatag,
upang maging isang [a]nagka-
kaisang orden, at isang wa-
lang hanggang orden para sa
kapakinabangan ng aking sim-
bahan, at para sa kaligtasan ng
mga tao hanggang sa ako ay
pumarito—
2 Na may pangakong walang
pagbabago at hindi mababago,
na yayamang yaong mga aking
inutusan ay matatapat sila ay
dapat pagpalain ng napakara-
ming pagpapala;
3 Subalit yayamang sila ay hin-
di matatapat sila ay nalalapit
sa pagsumpa.
4 Samakatwid, yayamang ang
ilan sa aking mga tagapagling-
kod ay hindi sumunod sa kautu-
san, kundi sumira sa tipan sa
[a]kasakiman, at may mga ma-
pagkunwaring salita, isinumpa
ko sila nang may matindi at ma-
bigat na sumpa.
5 Sapagkat ako, ang Pangino-
on, ay ipinasiya sa aking puso,
na yayamang ang sinumang
tao na nabibilang sa orden ay
masusumpungang lumalabag,
o sa ibang salita, sumisira sa ti-
pan na kung saan kayo ay na-
kagapos, siya ay susumpain sa
kanyang buhay, at tatapakan ng
sinumang aking loloobin;
6 Sapagkat ako, ang Pangino-
on, ay hindi [a]makukutya sa mga
bagay na ito—
7 At lahat ng ito upang ang wa-
lang kasalanan sa inyo ay hindi
mahatulang kasama ng mga di
makatwiran; at upang ang may
sala sa inyo ay hindi makatakas;
sapagkat ako, ang Panginoon,
ay nangako sa inyo ng [a]putong
ng kaluwalhatian sa aking ka-
nang kamay.
8 Samakatwid, yayamang kayo
ay nasumpungang lumalabag,
hindi ninyo matatakasan ang
aking poot sa inyong mga bu-
hay.
9 Yayamang kayo ay [a]iwinak-
si dahil sa paglabag, hindi nin-
yo matatakasan ang [b]pagpapa-
hirap ni [c]Satanas hanggang sa
araw ng pagtubos.
10 At akin ngayong ibinibi-
gay sa inyo ang kapangyarihan
mula sa oras na ito, na kung
sinuman sa inyo, sa orden, ang
masusumpungang lumalabag at
hindi magsisisi ng kasamaan, na
inyo siyang dadalhin sa mga pa-
nanakit ni Satanas; at hindi siya
magkakaroon ng kapangyari-
han na [a]magdala ng kasamaan
sa inyo.
11 Ito ay karunungan sa akin;
samakatwid, isang kautusan
ang ibinibigay ko sa inyo, na
inyong isaayos ang inyong sarili
at italaga sa bawat tao ang kan-
yang [a]pangangasiwaan;
12 Upang ang bawat tao ay
makapagbigay-sulit sa akin ng
pangangasiwa na itinalaga sa
kanya.

**104** 1*a* D at T 78:3–15.
GBK Nagkakaisang Orden.
4*a* GBK Imbot.
6*a* Gal. 6:7–9.
7*a* Is. 62:3;
D at T 76:56.
GBK Kaluwalhatian.
9*a* GBK Pagtitiwalag.
*b* D at T 82:21.
*c* GBK Diyablo.
10*a* D at T 109:25–27.
11*a* D at T 42:32.
GBK Katiwala, Ipinagkatiwala.

13 Sapagkat kinakailangan na
ako, ang Panginoon, ay dapat
[a]panagutin ang bawat tao, bi-
lang isang [b]katiwala sa mga ma-
kalupang pagpapala, na aking
ginawa at inihanda para sa
aking mga nilalang.
14 Ako, ang Panginoon, ay pi-
nalawak ang kalangitan, at [a]gi-
nawa ang lupa, [b]gawa ng aking
kamay; at lahat ng bagay rito
ay akin.
15 At layunin ko ito na magla-
an para sa aking mga banal, sa-
pagkat lahat ng bagay ay akin.
16 Subalit ito ay talagang kina-
kailangang magawa sa aking sa-
riling [a]pamamaraan; at mas-
dan ito ang aking pamamaraan
na ako, ang Panginoon, ay nag-
utos na maglaan para sa aking
mga banal, upang ang mga [b]ma-
ralita ay dakilain, sa gayon ya-
ong mayayaman ay ibababa.
17 Sapagkat ang [a]lupa ay sa-
gana, at may sapat at matitira;
oo, aking inihanda ang lahat ng
bagay, at ibinigay sa mga anak
ng tao na maging mga [b]kinata-
wan ng kanilang sarili.
18 Samakatwid, kung sinu-
man ang kukuha sa [a]kasagana-
an na aking ginawa, at hindi
nagkakaloob ng kanyang baha-
gi, alinsunod sa [b]batas ng aking
ebanghelyo, sa mga [c]maralita
at nangangailangan, siya, kasa-
ma ng masasama, ay magtataas
ng kanyang mga mata sa [d]impi-
yerno, dahil sa paghihirap.
19 At ngayon, katotohanang
sinasabi ko sa inyo, hinggil sa
mga ari-arian ng [a]orden—
20 Ilaan sa aking tagapagling-
kod na si Sidney Rigdon ang
lugar kung saan siya ngayon
nakatira, at ang lote ng kulti-
han sa kanyang pangangasiwa,
para sa kanyang ikatataguyod
habang siya ay gumagawa sa
aking ubasan, maging gaya ng
aking kalooban, kung kailan ko
siya uutusan.
21 At isagawa ang lahat ng ba-
gay alinsunod sa payo ng orden,
at nagkakaisang pagsang-ayon
o tinig ng orden, na nananahan
sa lupain ng Kirtland.
22 At ang pangangasiwang ito
at pagpapala, ako, ang Pangino-
on, ay iginagawad sa aking ta-
gapaglingkod na si Sidney Rig-
don bilang isang pagpapala sa
kanya, at sa binhi niya na susu-
nod sa kanya;
23 At aking pararamihin ang
pagpapala sa kanya, yayamang
siya ay nagpapakumbaba sa
aking harapan.
24 At muli, ilaan sa aking taga-
paglingkod na si Martin Harris,
para sa kanyang pangangasiwa,
ang lote ng lupaing natamo ng
aking tagapaglingkod na si John

13*a* GBK Mananagot, Pananagutan, May Pananagutan.
*b* D at T 72:3–5, 16–22.
14*a* Is. 42:5; 45:12. GBK Likha, Paglikha.
*b* Awit 19:1; 24:1.
16*a* D at T 105:5. GBK Kapakanan.
*b* 1 Sam. 2:7–8; Lu. 1:51–53; D at T 88:17.
17*a* D at T 59:16–20. GBK Mundo.
*b* GBK Kalayaang Mamili.
18*a* Lu. 3:11; Sant. 2:15–16.
*b* D at T 42:30.
*c* Kaw. 14:21; Mos. 4:26; D at T 52:40.
*d* Lu. 16:20–31.
19*a* GBK Nagkakaisang Orden.

Johnson bilang kapalit ng kanyang dating mana, para sa kanya at sa binhi niya na susunod sa kanya;
25 At yayamang siya ay matapat, aking pararamihin ang pagpapala sa kanya at sa binhi niya na susunod sa kanya.
26 At iukol ng aking tagapaglingkod na si Martin Harris ang kanyang mga salapi para sa pagpapahayag ng aking mga salita, alinsunod sa iuutos ng aking tagapaglingkod na si Joseph Smith, Jun.
27 At muli, mapasa aking tagapaglingkod na si Frederick G. Williams ang lugar kung saan siya ngayon naninirahan.
28 Mapasa aking tagapaglingkod na si Oliver Cowdery ang lote na nakalaan karugtong ng bahay, na siyang para sa palimbagan, na siyang lote bilang isa, at siya ring lote kung saan naninirahan ang kanyang ama.
29 At mapasa aking mga tagapaglingkod na sina Frederick G. Williams at Oliver Cowdery ang palimbagan at lahat ng bagay na nauukol dito.
30 At ito ang kanilang pangangasiwaan na itatalaga sa kanila.
31 At yayamang sila ay matatapat, masdan aking pagpapalain, at pararamihin ang mga pagpapala sa kanila.
32 At ito ang simula ng pangangasiwa na aking itinalaga sa kanila, para sa kanila at sa kanilang mga binhi na susunod sa kanila.
33 At, yayamang sila ay matatapat, aking pararamihin ang pagpapala sa kanila at sa kanilang binhi na susunod sa kanila, maging pagkarami-raming pagpapala.
34 At muli, mapasa aking tagapaglingkod na si John Johnson ang bahay kung saan siya nakatira, at ang mana, lahat maliban sa lupa na inilaan para sa [a]pagtatayo ng aking mga bahay, na nauukol sa manang yaon, at yaong mga lote na naipangalan sa aking tagapaglingkod na si Oliver Cowdery.
35 At yayamang siya ay matapat, aking pararamihin ang pagpapala sa kanya.
36 At kalooban ko na dapat niyang ipagbili ang mga lote na inilaan para sa pagpapatayo ng lunsod ng aking mga banal, yayamang ito ay ipaaalam sa kanya sa pamamagitan ng [a]tinig ng Espiritu, at alinsunod sa payo ng orden, at sa pamamagitan ng tinig ng orden.
37 At ito ang simula ng pangangasiwa na aking itinalaga sa kanya, bilang isang pagpapala sa kanya at sa kanyang binhi na susunod sa kanya.
38 At yayamang siya ay matapat, aking pararamihin nang pagkarami-rami ang pagpapala sa kanya.
39 At muli, ilaan sa aking tagapaglingkod na si Newel K. [a]Whitney ang mga bahay at lote kung saan siya ngayon naninirahan, at ang lote at gusali kung saan ang bahay pangkalakalan

34*a* D at T 94:3, 10.
36*a* GBK Paghahayag.
39*a* GBK Whitney, Newel K.

ay nakatayo, at gayon din ang
lote na nasa panulukang timog
ng bahay pangkalakalan, at ga-
yon din ang lote kung saan ang
abuhan ay nakatayo.
40 At lahat ng ito ay aking iti-
nalaga sa aking tagapaglingkod
na si Newel K. Whitney para sa
kanyang pangangasiwa, para sa
isang pagpapala sa kanya at
sa kanyang binhi na susunod
sa kanya, para sa kapakinaba-
ngan ng bahay pangkalakalan
ng aking orden na aking itinatag
para sa aking istaka sa lupain ng
Kirtland.
41 Oo, katotohanan, ito ang
pangangasiwa na aking itinala-
ga sa aking tagapaglingkod na si
N. K. Whitney, maging ang bu-
ong bahay pangkalakalan na ito,
siya at ang kanyang [a]kinatawan,
at sa kanyang binhi na susunod
sa kanya.
42 At yayamang siya ay ma-
tapat sa pagsunod sa aking
mga kautusan, na aking ibini-
gay sa kanya, aking pararami-
hin ang pagpapala sa kanya at
sa kanyang binhi na susunod
sa kanya, maging isang pagka-
rami-raming pagpapala.
43 At muli, ilaan sa aking
tagapaglingkod na si Joseph
Smith, Jun., ang lote na inilaan
para sa pagpapatayo ng aking
bahay, na apatnapung baras ang
haba at labindalawa ang lapad,
at gayon din ang mana kung
saan ang kanyang ama ngayon
ay nananahan;
44 At ito ang simula ng panga-
ngasiwa na aking itinalaga sa
kanya, para sa isang pagpapala
sa kanya, at sa kanyang ama.
45 Sapagkat masdan, ako ay
naglaan ng mana para sa kan-
yang [a]ama, para sa kanyang ika-
tataguyod; samakatwid siya ay
kikilalanin sa sambahayan ng
aking tagapaglingkod na si Jo-
seph Smith, Jun.
46 At aking pararamihin ang
pagpapala sa sambahayan ng
aking tagapaglingkod na si
Joseph Smith, Jun., yayamang
siya ay matapat, maging isang
pagkarami-raming pagpapala.
47 At ngayon, isang kautusan
ang ibinibigay ko sa inyo hing-
gil sa Sion, na hindi na kayo
nakagapos bilang isang nagka-
kaisang orden sa inyong mga
kapatid sa Sion, sa ganitong pa-
raan lamang—
48 Pagkaraang kayo ay maisa-
ayos, kayo ay tatawaging Nag-
kakaisang Orden ng [a]Istaka ng
Sion, ang Lunsod ng Kirtland.
At ang inyong mga kapatid,
pagkaraang sila ay maisaayos,
ay tatawaging Nagkakaisang
Orden ng Lunsod ng Sion.
49 At sila ay isasaayos sa ka-
nilang sariling pangalan, at sa
kanilang sariling pangalan; at
kanilang gagawin ang kanilang
gawain sa kanilang sariling pa-
ngalan, at sa kanilang mga sa-
riling pangalan;
50 At inyong gagawin ang in-
yong gawain sa inyong sariling
pangalan, at sa inyong sariling
pangalan.

41*a* D at T 84:112–113.
45*a* D at T 90:20.
GBK Smith, Joseph, Sr.
48*a* D at T 82:13; 94:1; 109:59.
GBK Istaka.

51 At ito ay aking iniutos na
isagawa para sa inyong kaligta-
san, at gayon din para sa kani-
lang kaligtasan, bilang bunga ng
kanilang [a]pagkakapalayas at sa
yaong darating.
52 Ang mga [a]tipan na sinira
dahil sa paglabag, sa pamama-
gitan ng [b]kasakiman at mga ma-
pagkunwaring salita—
53 Samakatwid, kayo ay na-
lansag bilang isang nagkakai-
sang orden kasama ng inyong
mga kapatid, na kayo ay hindi
nakagapos lamang sa oras na ito
sa kanila, sa ganitong paraan la-
mang, gaya ng aking sinabi, sa
pamamagitan ng pag-utang tu-
lad ng napagkasunduan ng or-
den na ito sa kapulungan, kung
pahihintulutan ng inyong mga
kalagayan at ang tinig ng kapu-
lungan ang mag-uutos.
54 At muli, isang kautusan
ang ibinibigay ko sa inyo hing-
gil sa inyong pangangasiwaan
na aking itinalaga sa inyo.
55 Masdan, lahat ng ari-ariang
ito ay akin, o kung hindi ang in-
yong pananampalataya ay wa-
lang kabuluhan, at kayo ay ma-
susumpungan na mga taong
mapagkunwari, at ang mga ti-
pang inyong ginawa sa akin ay
nasira;
56 At kung ang mga ari-arian
ay akin, kung magkagayon kayo
ay mga [a]katiwala; kung hindi,
kayo ay hindi mga katiwala.
57 Subalit, katotohanang si-
nasabi ko sa inyo, aking itinala-
ga sa inyo na maging mga kati-
wala sa aking sambahayan, ma-
ging mga katiwala talaga.
58 At sa layuning ito aking
iniutos sa inyo na isaayos ang
inyong sarili, maging ipalim-
bag ang [a]aking mga salita, ang
kabuuan ng aking mga banal na
kasulatan, ang mga paghaha-
yag na aking ibinigay sa inyo,
at na akin pang, pagkaraan nito,
sa pana-panahon ay ibibigay sa
inyo—
59 Para sa layuning maipata-
yo ang aking simbahan at ka-
harian sa lupa, at upang ihanda
ang aking mga tao sa [a]panahon
kung kailan ako ay [b]manana-
hanang kasama nila, na nalala-
pit na.
60 At kayo ay maghahanda
para sa inyong sarili ng isang
lugar para sa isang ingatang-
yaman, at ilaan ito sa aking pa-
ngalan.
61 At kayo ay magtatalaga ng
isa sa inyo na mangangalaga sa
ingatang-yaman, at siya ay oor-
denan sa pagpapalang ito.
62 At magkakaroon ng panta-
tak sa ingatang-yaman, at lahat
ng banal na bagay ay dadalhin
dito sa ingatang-yaman; at wa-
lang sinuman sa inyo ang aang-
king kanya ito, o anumang ba-
hagi nito, sapagkat ito ay nabibi-
lang sa inyong lahat nang may
pagkakaisa.
63 At ibinibigay ko ito sa inyo

51*a* D at T 109:47.
52*a* GBK Tipan.
*b* GBK Imbot.
56*a* GBK Katiwala, Ipinagkatiwala.
58*a* GBK Pagsasalin ni Joseph Smith (PJS).
59*a* GBK Milenyo.
*b* D at T 1:35–36; 29:9–11.

mula sa oras na ito; at ngayon tiyakin, na kayo ay tutungo at gagamitin ang pinangangasiwaan na aking itinalaga sa inyo, di kasama ang mga banal na bagay, para sa layuning maipalimbag ang mga banal na bagay na ito gaya ng aking tinuran.

64 At ang mga [a]pakinabang ng mga banal na bagay ay mapapasa ingatang-yaman, at ang tatak ay ilalagay rito; at ito ay hindi gagamitin o aalisin sa ingatang-yaman ng sinuman, ni hindi aalisin ang tatak na ilalagay rito, sa pamamagitan lamang ng tinig ng orden, o ng kautusan.

65 At sa ganito ninyo mapangangalagaan ang mga pakinabang ng mga banal na bagay sa ingatang-yaman, para sa mga sagrado at banal na layunin.

66 At ito ay tatawaging banal na ingatang-yaman ng Panginoon; at isang tatak ang mananatili rito upang ito ay maging banal at nakalaan sa Panginoon.

67 At muli, mayroon pang isang ingatang-yamang ihahanda, at isang tagaingat-yamang itatalaga upang pangalagaan ang ingatang-yaman, at isang tatak ang ilalagay rito;

68 At lahat ng salapi na inyong matatanggap sa inyong mga pinangangasiwaan, sa pamamagitan ng pagpapabuti ng mga ariarian na aking itinalaga sa inyo, sa mga bahay, o sa mga lupain, o sa bakahan, o sa lahat ng bagay maliban sa mga banal at sagradong kasulatan, na aking inilaan sa aking sarili para sa mga banal at sagradong layunin, ay ipapasok sa ingatang-yaman kasimbilis ng pagtanggap ninyo ng mga salapi, ng daan-daan, o limalimampu, o dala-dalawampu, o sampu-sampu, o lima-lima.

69 O sa ibang salita, kung may sinuman sa inyo ang makatamo ng limang dolyar ipasok niya ito sa ingatang-yaman; o kung siya ay makatamo ng sampu, o dalawampu, o limampu, o isandaan, ay ganoon din ang gawin niya;

70 At huwag sabihin ng sinuman sa inyo na ito ay kanya; sapagkat ito ay hindi tatawaging kanya, ni anumang bahagi nito.

71 At walang anumang bahagi nito ang magagamit, o kukunin mula sa ingatang-yaman, tanging sa pamamagitan lamang ng tinig at pangkalahatang pagsang-ayon ng orden.

72 At ito ang magiging tinig at pagsang-ayon ng pangkalahatang orden—na sinuman sa inyo ay magsasabi sa tagaingat-yaman: Kinakailangan ko ito upang matulungan ako sa aking pangangasiwa—

73 Kung ito ay limang dolyar, o kung ito ay sampung dolyar, o dalawampu, o limampu, o isandaan, ibibigay ng tagaingat-yaman sa kanya ang halagang kanyang kailangan upang matulungan siya sa kanyang pangangasiwa—

74 Hanggang sa siya ay masumpungang lumabag, at maipakikita sa harapan ng kapulungan ng orden nang malinaw

64[a] IE mga kita, o mga tubo.

na siya ay di matapat at isang
[a]hindi matalinong katiwala.
75 Subalit habang siya ay nasa
ganap na pakikipagkapatiran, at
matapat at matalino sa kanyang
pangangasiwa, ito ang kanyang
magiging tanda sa tagaingat-
yaman na hindi maipagkakait
ng tagaingat-yaman.
76 Subalit sa pangyayari ng
paglabag, ang tagaingat-yaman
ay magiging saklaw ng kapulu-
ngan at tinig ng orden.
77 At sa pangyayaring ang ta-
gaingat-yaman ay matagpuang
isang di matapat at isang di ma-
talinong katiwala, siya ay ma-
giging saklaw ng kapulungan
at tinig ng orden, at tatanggalin
mula sa kanyang kinalalagyan,
at magtatalaga ng [a]iba na kapa-
lit niya.
78 At muli, katotohanang si-
nasabi ko sa inyo, hinggil sa
inyong mga utang—masdan
aking kalooban na dapat nin-
yong [a]bayaran ang lahat ng in-
yong [b]utang.
79 At aking kalooban na [a]mag-
pakumbaba kayo ng inyong sa-
rili sa aking harapan, at tamuhin
ang pagpapalang ito sa pama-
magitan ng inyong [b]pagsisikap
at pagpapakumbaba at ang pa-
nanalangin nang may pananam-
palataya.
80 At yayamang kayo ay ma-
sigasig at mapagpakumbaba, at
isinasagawa ang [a]pananalangin
nang may pananampalataya,
masdan, aking palalambutin
ang mga puso nila na inyong
pinagkakautangan, hanggang sa
makapagpadala ako ng kapa-
raanan sa inyo para sa inyong
paglaya.
81 Samakatwid dali-daling su-
mulat sa New York at sumulat
alinsunod sa yaong ididikta ng
aking [a]Espiritu; at aking pala-
lambutin ang mga puso nila na
inyong pinagkakautangan, na
maaalis sa kanilang mga isipan
na magdala ng pagpapahirap sa
inyo.
82 At yayamang kayo ay [a]ma-
pagpakumbaba at matatapat at
tumatawag sa aking pangalan,
masdan, ibibigay ko sa inyo ang
[b]tagumpay.
83 Nagbibigay ako sa inyo ng
isang pangako, na kayo ay ma-
palalaya sa pagkakataong ito
mula sa inyong pagkaalipin.
84 Yayamang kayo ay naka-
tatamo ng pagkakataon upang
makautang ng salapi ng daan-
daan, o libu-libo, maging hang-
gang sa kayo ay makautang
nang sapat upang mapalaya ang
inyong sarili sa pagkaalipin, ito
ay inyong pribilehiyo.
85 At isangla ang mga ari-arian
na aking inilagay sa inyong mga
kamay, sa pagkakataong ito, sa
pamamagitan ng pagbibigay ng
inyong mga pangalan sa pama-
magitan ng pangkalahatang pag-
sang-ayon o kung hindi, sa ina-
akalang makabubuti sa inyo.

74*a* Lu. 16:1–12.
77*a* D at T 107:99–100.
78*a* D at T 42:54.
*b* GBK Utang.
79*a* GBK Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba.
*b* GBK Kasigasigan.
80*a* Sant. 5:15.
81*a* GBK Espiritu Santo.
82*a* Lu. 14:11; D at T 67:10.
*b* D at T 103:36.

86 Aking ibinibigay sa inyo ang pribilehiyong ito, sa pagkakataong ito; at masdan, kung kayo ay magpapatuloy na gawin ang mga bagay na aking inilatag sa inyo, alinsunod sa aking mga kautusan, lahat ng bagay na ito ay akin, at kayo ang aking mga katiwala, at ang panginoon ay hindi hahayaang ang kanyang bahay ay bumagsak. Maging gayon nga. Amen.

## BAHAGI 105

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Ilog Fishing, Missouri, ika-22 ng Hunyo 1834 (*History of the Church, *2:108–111). Ang paggamit ng dahas ng mga nanggugulo laban sa mga Banal sa Missouri ay dumami, at ang mga itinatag na pangkat mula sa ilang mga county ay nagpahayag ng kanilang tangkang wasakin ang mga tao. Ang Propeta ay dumating mula sa Kirtland sa ulunan ng isang pangkat na kilala bilang Kampo ng Sion, na nagdala ng mga damit at panustos. Habang ang pangkat na ito ay nagkampo sa Ilog Fishing, tinanggap ng Propeta ang paghahayag.*

*1–5, Ang Sion ay itatayo ayon sa pagsunod sa selestiyal na batas; 6–13, Ang pagtubos sa Sion ay ipinagliban ng sandaling panahon; 14–19, Ang Panginoon ang lalaban ng mga digmaan ng Sion; 20–26, Ang mga Banal ay dapat na maging matalino at hindi dapat magyabang ng mga makapangyarihang gawa habang sila ay nagtitipon; 27–30, Mga lupa sa Jackson at sa kalapit na mga county ay dapat bilhin; 31–34, Ang mga elder ay kinakailangang tumanggap ng endowment sa bahay ng Panginoon sa Kirtland; 35–37, Mga Banal na kapwa tinawag at napili ay pababanalin; 38–41, Ang mga Banal ay kinakailangang magtaas ng sagisag ng kapayapaan sa daigdig.*

KATOTOHANANG sinasabi ko sa inyo na sama-samang nagtipun-tipon ng inyong sarili upang matutuhan ang aking kalooban ukol sa [a]ikatutubos ng aking mga nagdurusang tao—
2 Masdan, sinasabi ko sa inyo, kung hindi dahil sa mga [a]paglabag ng aking mga tao, tumutukoy sa simbahan at hindi sa mga tao, maaaring sila ay natubos na maging ngayon.
3 Subalit masdan, sila ay hindi natutong maging masunurin sa mga bagay na aking hiningi sa kanilang mga kamay, sa halip sila ay puno ng lahat ng uri ng kasamaan, at hindi [a]namamahagi ng kanilang yaman, na nararapat sa mga banal, sa mga maralita at nagdurusa sa kanila;
4 At hindi [a]nagkakaisa ayon sa pagkakaisang hinihingi ng batas ng kahariang selestiyal;
5 At ang [a]Sion ay hindi mai-

**105** 1*a* D at T 100:13.
2*a* D at T 104:4–5, 52.
3*a* Gawa 5:1–11; D at T 42:30. GBK Paglalaan, Batas ng Paglalaan.
4*a* D at T 78:3–7.
5*a* GBK Sion.

tatayo [b]kung hindi ito ayon sa mga alituntunin ng [c]batas ng kahariang selestiyal; kung hindi, hindi ko siya matatanggap sa akin.

6 At ang aking mga tao ay talagang kinakailangang [a]parusahan hanggang sa kanilang matutuhan ang [b]pagsunod, kung kinakailangan, sa pamamagitan ng mga bagay na kanilang dinaranas.

7 Ako ay nangungusap hindi ukol sa mga yaong itinalagang mamuno sa aking mga tao, na siyang mga [a]unang elder ng aking simbahan, dahil hindi lahat sila ay napaiilalim sa sumpang ito;

8 Kundi ako ay nangungusap tungkol sa aking mga simbahan sa ibang bansa—maraming magsasabi: Nasaan ang kanilang Diyos? Masdan, kanya silang ililigtas sa panahon ng kagipitan, kung hindi, tayo ay hindi makaparoroon sa Sion, at ipagkakait ang ating mga salapi.

9 Samakatwid, bunga ng [a]paglabag ng aking mga tao, kinakailangan sa akin na ang aking mga elder ay maghintay ng maikling panahon para sa ikatutubos ng Sion—

10 Nang sila sa kanilang sarili ay maging handa, at ang aking mga tao ay maturuan nang mas ganap, at magkaroon ng karanasan, at makaalam nang mas ganap hinggil sa kanilang [a]tungkulin, at ang mga bagay na aking hinihingi sa kanilang mga kamay.

11 At ito ay hindi maaaring maisakatuparan hanggang sa ang aking mga [a]elder ay [b]mapagkalooban ng kapangyarihan mula sa itaas.

12 Dahil masdan, ako ay naghanda ng dakilang kaloob at pagpapala na [a]ibubuhos sa kanila, yayamang sila ay matapat at magpapatuloy sa pagpapakumbaba sa aking harapan.

13 Samakatwid kinakailangan sa akin na ang aking mga elder ay maghintay ng maikling panahon, para sa pagtubos ng Sion.

14 Dahil masdan, hindi ko hinihingi sa kanilang mga kamay na ipaglaban ang mga digmaan ng Sion; dahil, gaya ng sinabi ko sa isang naunang kautusan, maging aking tutuparin—ako ang [a]makikipaglaban sa inyong mga digmaan.

15 Masdan, ang [a]mangwawasak ay aking inutusan na pinsalain at wasakin ang aking mga kaaway; at hindi maraming taon mula ngayon sila ay hindi maiiwan upang dumihan ang aking mana, at [b]lapastanganin ang

5*b* D at T 104:15–16.
*c* D at T 88:22.
6*a* D at T 95:1–2. GBK Parusa, Pagpaparusa.
*b* GBK Pagsunod, Masunurin, Sumunod.
7*a* D at T 20:2–3.
9*a* D at T 103:4.
10*a* GBK Tungkulin.
11*a* GBK Elder.
*b* D at T 38:32; 95:8. GBK Endowment.
12*a* D at T 110.
14*a* Jos. 10:12–14; Is. 49:25; D at T 98:37.
15*a* D at T 1:13–14.
*b* D at T 112:24–26. GBK Lapastangan, Kalapastangan.

aking pangalan sa mga lupa-
in na aking [c]inilaan para sa
sama-samang pagtitipun-tipon
ng aking mga banal.
16 Masdan, aking inutusan
ang aking tagapaglingkod na si
Joseph Smith, Jun., na sabihin
sa [a]lakas ng aking sambahayan,
maging ang aking mga mandi-
rigma, ang aking mga kabata-
ang lalaki, at mga nasa katang-
haliang-gulang, na magtipun-
tipon para sa pagtubos ng aking
mga tao, at ibagsak ang mga
tore ng aking mga kaaway, at
ikalat ang kanilang mga [b]ban-
tay;
17 Ngunit ang lakas ng aking
sambahayan ay hindi nakinig
sa aking mga salita.
18 Ngunit yayamang may mga
taong nakinig sa aking mga sa-
lita, ako ay naghanda ng pag-
papala at [a]kaloob para sa kani-
la, kung sila ay magpapatuloy
nang tapat.
19 Aking narinig ang kanilang
mga panalangin, at tatanggapin
ang kanilang mga handog; at
kapaki-pakinabang sa akin na
sila ay dalhin sa ganito bilang
pagsubok sa kanilang [a]pana-
nampalataya.
20 At ngayon, katotohanang si-
nasabi ko sa inyo, isang kautu-
san ang ibinibigay ko sa inyo, na
kung gaano karami ang napari-
to, na maaaring manatili sa
pook sa paligid, sila ay manatili;
21 At yaong hindi maaaring
manatili, na may mga mag-anak
sa silangan, sila ay manatili ng
maikling panahon, yayamang
ang aking tagapaglingkod na si
Joseph ay magtatalaga sa kanila;
22 Dahil akin siyang papayu-
han hinggil sa bagay na ito, at
lahat ng anumang bagay na
kanyang itatalaga sa kanila ay
matutupad.
23 At ang lahat ng aking mga
tao na naninirahan sa mga pook
sa paligid ay maging tapat, at
mapagdasal, at mapagpakum-
baba sa aking harapan, at hu-
wag ibunyag ang mga bagay na
aking inihayag sa kanila, hang-
gang sa karunungan sa akin na
ang mga ito ay ihayag.
24 Huwag mag-usap ng mga
paghuhukom, ni [a]magyabang
ng pananampalataya o ng mga
gawang makapangyarihan, sa
halip maingat na magtipun-
tipon, hangga't kaya sa isang
pook, naaayon sa damdamin ng
mga tao;
25 At masdan, magbibigay ako
sa inyo ng kasihan at biyaya sa
kanilang mga mata, nang kayo
ay mamahinga sa [a]kapayapaan
at kaligtasan, habang inyong
sinasabi sa mga tao: Isakatupa-
ran ang paghatol at katarungan
para sa amin ayon sa batas, at
bayaran kami sa aming mga na-
tamong pinsala.
26 Ngayon, masdan, sinasabi
ko sa inyo, aking mga kaibigan,
sa ganitong pamamaraan maa-
ari kayong makakita ng kasihan
sa mata ng mga tao, hanggang

15*c* D at T 84:3–4; 103:35.
16*a* D at T 101:55; 103:22, 30.
*b* GBK Magbantay, Mga Tagabantay.
18*a* D at T 110:8–10.
19*a* GBK Pananampalataya.
24*a* D at T 84:73. GBK Kapalaluan.
25*a* GBK Kapayapaan.

sa ang [a]hukbo ni Israel ay maging napakalaki.

27 At aking palalambutin ang mga puso ng mga tao, gaya ng aking ginawa sa puso ni [a]Faraon, sa pana-panahon, hanggang sa ang aking tagapaglingkod na si Joseph Smith, Jun., at ang aking mga elder, na aking itinalaga, ay magkaroon ng panahong tipunin ang lakas ng aking sambahayan,

28 At makapagpadala ng [a]matatalinong tao, upang isakatuparan ang aking ipinag-utos hinggil sa [b]pagbili ng lahat ng lupain sa Jackson County na maaaring bilhin, at sa mga kalapit county sa paligid.

29 Dahil aking kalooban na ang mga lupaing ito ay bilhin; at matapos silang bilhin ay aangkinin ng aking mga banal ang mga ito ayon sa mga batas ng [a]paglalaan na aking ibinigay.

30 At matapos bilhin ang mga lupaing ito, aking ituturing ang mga [a]hukbo ni Israel na walang sala sa pag-angkin ng kanilang sariling lupain, na kanilang binili kamakailan ng kanilang sariling salapi, at pagpapabagsak ng mga tore ng aking mga kaaway na maaaring naroroon, at pagtataboy ng kanilang mga bantay, at [b]paghihiganti para sa akin sa aking mga kaaway hanggang sa ikatlo at ikaapat na salinlahi sa kanila na napopoot sa akin.

31 Ngunit una palakihin muna ang aking hukbo, at [a]pabanalin ito sa aking harapan, nang ito ay maging maganda gaya ng araw, at maliwanag gaya ng [b]buwan, at nang ang kanyang mga bandila ay maging kakila-kilabot sa lahat ng bansa;

32 Nang ang mga kaharian ng daigdig na ito ay mapilitang kilalanin na ang kaharian ng Sion ay tunay ngang [a]kaharian ng ating Diyos at ng kanyang Cristo; samakatwid, [b]magpasailalim tayo sa kanyang mga batas.

33 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, kapaki-pakinabang sa akin na ang unang mga elder ng aking simbahan ay tumanggap ng kanilang [a]endowment mula sa itaas sa aking bahay, na aking iniutos na itayo sa aking pangalan sa lupain ng Kirtland.

34 At yaong mga kautusan na aking ibinigay hinggil sa Sion at sa kanyang [a]batas ay isagawa at tupdin, matapos ang kanyang pagtubos.

35 Nagkaroon ng araw ng [a]pagtawag, ngunit dumating na ang

26*a* Joel 2:11.
27*a* Gen. 47:1–12.
28*a* D at T 101:73.
*b* D at T 42:35–36.
29*a* D at T 42:30. GBK Paglalaan, Batas ng Paglalaan; Nagkakaisang Orden.
30*a* D at T 35:13–14; 101:55; 103:22, 26.
*b* D at T 97:22.
31*a* GBK Pagpapabanal.
*b* A ni S 6:10; D at T 5:14; 109:73.
32*a* Apoc. 11:15. GBK Kaharian ng Diyos o Kaharian ng Langit.
*b* GBK Pamahalaan.
33*a* D at T 95:8–9. GBK Endowment.
34*a* IE Ang D at T 42 ay kilala bilang ang “Batas.”
35*a* GBK Tawag, Tinawag ng Diyos, Pagkakatawag.

araw ng pagpili; at piliin ang mga yaong [b]karapat-dapat.
36 At ipamamalas sa aking tagapaglingkod, sa tinig ng Espiritu, yaong mga [a]napili; at sila ay [b]pababanalin;
37 At yayamang kanilang sinusunod ang [a]payo na kanilang tinatanggap, sila ay magkakaroon ng kapangyarihan matapos ang maraming araw na isakatuparan ang lahat ng bagay tungkol sa Sion.
38 At muli sinasabi ko sa inyo, humingi ng kapayapaan, hindi lamang sa mga tao na bumagabag sa inyo, kundi gayon din sa lahat ng tao;
39 At magtaas ng [a]sagisag ng [b]kapayapaan, at gumawa ng pagpapahayag ng kapayapaan hanggang sa mga dulo ng mundo;
40 At gumawa ng mga mungkahi para sa kapayapaan sa mga yaong bumagabag sa inyo, ayon sa tinig ng Espiritu na nasa inyo, at [a]lahat ng bagay ay samasamang gagawa para sa inyong ikabubuti.
41 Kaya nga't, maging matapat; at masdan, at narito, ako ay [a]mapapasainyo maging hanggang sa wakas. Maging gayon nga. Amen.

## BAHAGI 106

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Kirtland, Ohio, ika-25 ng Nobyembre 1834 (* History of the Church, *2:170–171). Ang paghahayag na ito ay pinatutungkol kay Warren A. Cowdery, isang nakatatandang kapatid ni Oliver Cowdery.*

*1–3, Si Warren A. Cowdery ay tinawag bilang isang namumunong pinunong panlokal; 4–5, Ang Ikalawang Pagparito ay hindi aabot sa mga anak ng liwanag gaya ng isang magnanakaw; 6–8, Mga dakilang pagpapala ang susunod sa tapat na paglilingkod sa Simbahan.*

AKING kalooban na ang aking tagapaglingkod na si Warren A. Cowdery ay maitalaga at maordenan bilang namumunong mataas na saserdote sa aking simbahan, sa lupain ng [a]Freedom at mga pook sa paligid;
2 At ipangaral ang aking walang hanggang ebanghelyo, at itaas ang kanyang tinig at balaan ang mga tao, hindi lamang sa kanyang sariling lugar, gayon din sa mga kalapit na county;
3 At ilaan ang kanyang buong panahon sa mataas at banal na tungkuling ito, na akin ngayong

35*b* GBK Karapat-dapat, Pagiging Karapat-dapat.
36*a* D at T 95:5.
GBK Mamili, Namili, Pumili.
*b* GBK Pagpapabanal.
37*a* GBK Payo.
39*a* GBK Sagisag.
*b* GBK Kapayapaan.
40*a* Rom. 8:28;
D at T 90:24; 100:15.
41*a* Mat. 28:19–20.
**106** 1*a* IE ang lunsod ng Freedom, New York, at mga karatig pook.

ibinibigay sa kanya, [a]hanaping masigasig ang [b]kaharian ng langit at ang kabutihan nito, at lahat ng bagay na kinakailangan ay idaragdag sa doon; dahil ang [c]manggagawa ay karapat-dapat sa kanyang upa.
4 At muli, katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang [a]pagparito ng Panginoon ay [b]malapit na, at ito ay aabot sa daigdig gaya ng isang [c]magnanakaw sa gabi—
5 Kaya nga't, bigkisan ang inyong mga balakang, nang kayo ay maging mga anak ng [a]liwanag, at nang ang araw na yaon ay hindi [b]umabot sa inyo gaya ng isang magnanakaw.
6 At muli, katotohanang sinasabi ko sa inyo, may kagalakan sa langit nang ang aking tagapaglingkod na si Warren ay yumukod sa aking setro, at inihiwalay ang kanyang sarili sa mga katusuhan ng tao;
7 Kaya nga't, pinagpala ang aking tagapaglingkod na si Warren, dahil sa ako ay magkakaroon ng awa sa kanya; at, sa kabila ng [a]kapalaluan ng kanyang puso, dadakilain ko siya yayamang siya ay magpapakumbaba sa aking harapan.
8 At akin siyang bibigyan ng [a]biyaya at katiyakan kung saan siya maaaring tumayo; at kung siya ay magpapatuloy na maging tapat na saksi at isang ilaw sa simbahan ako ay naghanda ng putong sa kanya sa mga [b]mansiyon ng aking Ama. Maging gayon nga. Amen.

## BAHAGI 107

*Paghahayag tungkol sa pagkasaserdote, na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Kirtland, Ohio, petsa ika-28 ng Marso 1835 (*History of the Church, *2:209–217). Sa petsang nabanggit, ang Labindalawa ay nagkita sa isang kapulungan, ipinagtatapat ang kanilang sariling mga kahinaan at pagkukulang, nagpahayag ng pagsisisi, at nagsasaliksik ng karagdagang gabay ng Panginoon. Sila ay malapit nang maghiwa-hiwalay sa mga misyon sa mga distritong naitalaga. Bagaman ang mga bahagi ng kabanatang ito ay natanggap sa petsang nabanggit, ang mga talaan ng kasaysayan ay nagpapatibay na iba't ibang bahagi ang tinanggap sa iba't ibang panahon, ang iba ay kasing-aga ng Nobyembre 1831.*

*1–6, May dalawang pagkasaserdote: ang Melquisedec at ang Aaron; 7–12, Ang mga yaong may hawak ng Pagkasaserdoteng Melquisedec*

3*a* Mat. 6:33.
*b* GBK Kaharian ng Diyos o Kaharian ng Langit.
*c* Mat. 10:10; D at T 31:5.
4*a* Sant. 5:8.
*b* GBK Huling Araw, Mga.
*c* 1 Tes. 5:2.
5*a* GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo.
*b* Apoc. 16:15.
7*a* GBK Kawalang-kabuluhan, Walang Kabuluhan.
8*a* GBK Biyaya.
*b* Juan 14:2; Eter 12:32–34; D at T 59:2; 76:111; 81:6; 98:18.

*ay may kapangyarihang gumanap sa lahat ng katungkulan sa Simbahan; 13–17, Ang obispado ang namumuno sa Pagkasaserdoteng Aaron, nangangasiwa sa mga panlabas na ordenansa; 18–20, Ang Pagkasaserdoteng Melquisedec ang may hawak ng mga susi ng lahat ng pagpapalang pang-espirituwal; ang Pagkasaserdoteng Aaron ang may hawak ng mga susi ng paglilingkod ng mga anghel; 21–38, Ang Unang Panguluhan, ang Labindalawa, at ang Pitumpu ang bumubuo ng mga namumunong korum, na ang mga pagpapasiya ay ginagawa sa pagkakaisa at kabutihan; 39–52, Ang patriyarkang orden ay itinatag mula kay Adan hanggang kay Noe; 53–57, Ang mga sinaunang Banal ay nagtipon sa Adan-ondi-Ahman, at ang Panginoon ay nagpakita sa kanila; 58–67, Ang Labindalawa ang magtatalaga ng mga pinuno sa Simbahan sa kaayusan; 68–76, Ang mga obispo ay maglilingkod bilang mga pangkaraniwang hukom sa Israel; 77–84, Ang Unang Panguluhan at ang Labindalawa ang bumubuo ng pinakamataas na hukuman sa Simbahan; 85–100, Ang mga pangulo ng pagkasaserdote ang namamahala ng kani-kanilang mga korum.*

MAYROON, sa simbahan, ng dalawang pagkasaserdote, alalaong baga'y, ang [a]Melquisedec at [b]Aaron, kasama rito ang Pagkasaserdoteng Levitical.

2 Kung bakit tinawag ang una na Pagkasaserdoteng [a]Melquisedec ay dahil sa si Melquisedec ay tunay na dakilang mataas na saserdote.

3 Bago sa kanyang kapanahunan ito ay tinatawag na *Banal na Pagkasaserdote, alinsunod sa [a]Orden ng Anak ng Diyos.*

4 Ngunit bilang paggalang o [a]pagpipitagan sa pangalan ng Kataas-taasang katauhan, upang maiwasan ang madalas na pagulit ng kanyang pangalan, sila, ang simbahan, noong unang panahon, ay tinawag ang pagkasaserdoteng yaon alinsunod kay Melquisedec, o ang Pagkasaserdoteng Melquisedec.

5 Lahat ng ibang mga maykapangyarihan o tungkulin sa simbahan ay [a]nakaakibat sa pagkasaserdoteng ito.

6 Subalit may dalawang paghahati o dakilang mga ulo—isa ay Pagkasaserdoteng Melquisedec, at ang isa ay Pagkasaserdoteng Aaron o [a]Levitical.

7 Ang katungkulan ng isang [a]elder ay napapasailalim sa pagkasaserdote ng Melquisedec.

8 Ang Pagkasaserdoteng Melquisedec ang may hawak ng karapatan ng panguluhan, at may kapangyarihan at [a]karapatan sa lahat ng katungkulan sa simbahan sa lahat ng kapanahunan ng daigdig, upang mangasiwa sa mga espirituwal na bagay.

**107** 1*a* GBK Pagkasaserdoteng Melquisedec.
*b* GBK Pagkasaserdoteng Aaron.
2*a* PJS, Gen. 14:25–40; D at T 84:14. GBK Melquisedec.
3*a* Alma 13:3–19; D at T 76:57.
4*a* GBK Paggalang.
5*a* D at T 84:29; 107:14.
6*a* Deut. 10:8–9.
7*a* GBK Elder.
8*a* GBK Karapatan.

9 Ang [a]Panguluhan ng Mataas na Pagkasaserdote, alinsunod sa orden ni Melquisedec, ay may karapatang gumanap sa lahat ng katungkulan sa simbahan.

10 Ang [a]matataas na saserdote alinsunod sa orden ng Pagkasaserdoteng Melquisedec ay may [b]karapatang gumanap sa kanilang sariling katungkulan, sa ilalim ng tagubilin ng panguluhan, sa pangangasiwa sa mga bagay na espirituwal, at gayon din sa katungkulan ng isang elder, saserdote (ng Levitical na orden), guro, diyakono, at kasapi.

11 Ang elder ay may karapatang gumanap na kapalit niya kung ang mataas na saserdote ay wala roon.

12 Ang mataas na saserdote at elder ang mangangasiwa sa mga bagay na espirituwal, sangayon sa mga tipan at kautusan ng simbahan; at sila ay may karapatang gumanap sa lahat ng katungkulang ito sa simbahan kung walang mga nakatataas na maykapangyarihang naroroon.

13 Ang pangalawang pagkasaserdote ay tinatawag na [a]Pagkasaserdoteng Aaron, dahil ito ay iginawad kay [b]Aaron at sa kanyang binhi, sa lahat ng kanilang salinlahi.

14 Kung bakit ito tinawag na nakabababang pagkasaserdote ay dahil sa ito ay [a]kaakibat sa nakatataas, o ang Pagkasaserdoteng Melquisedec, at may kapangyarihan sa pangangasiwa sa mga panlabas na ordenansa.

15 Ang [a]obispado ang panguluhan ng pagkasaserdoteng ito, at humahawak sa mga susi o kapangyarihan ng nabanggit.

16 Walang tao na may legal na karapatan sa katungkulang ito, na hawakan ang mga susi ng pagkasaserdoteng ito, maliban sa siya ay [a]literal na inapo ni Aaron.

17 Ngunit bilang mataas na saserdote ng Pagkasaserdoteng Melquisedec ay may karapatang gumanap sa lahat ng nakabababang katungkulan, maaari siyang gumanap sa katungkulan ng obispo kung walang literal na inapo ni Aaron ang matatagpuan, kung siya ay tinawag at itinalaga at [a]inordenan sa kapangyarihang ito sa pamamagitan ng mga kamay ng [b]Panguluhan ng Pagkasaserdoteng Melquisedec.

18 Ang kapangyarihan at karapatan ng nakatataas, o Pagkasaserdoteng Melquisedec, ay humawak ng mga [a]susi ng lahat ng pagpapalang espirituwal ng simbahan—

19 Upang magkaroon ng pribilehiyong makatanggap ng mga

9*a* D at T 81:2; 107:22, 65–67, 91–92.
10*a* GBK Mataas na Saserdote.
*b* D at T 121:34–37.
13*a* GBK Pagkasaserdoteng Aaron.
*b* GBK Aaron—Kapatid ni Moises.
14*a* D at T 20:52; 107:5.
15*a* GBK Obispo.
16*a* D at T 68:14–21; 107:68–76.
17*a* GBK Ordenan, Pag-oorden.
*b* D at T 68:15.
18*a* GBK Susi ng Pagkasaserdote, Mga.

[a]hiwaga ng kaharian ng langit, upang mabuksan ang langit sa kanila, upang makipag-usap sa [b]pangkalahatang pagpupulong at simbahan ng Panganay, at upang ikalugod ang pakikipag-usap at pagharap ng Diyos Ama, at ni Jesus, ang [c]tagapamagitan ng bagong tipan.

20 Ang kapangyarihan at karapatan ng nakabababa, o Pagkasaserdoteng Aaron, ay hawakan ang mga [a]susi ng paglilingkod ng mga anghel, at upang pangasiwaan ang mga panlabas na [b]ordenansa, ang titik ng ebanghelyo, ang [c]pagbibinyag ng pagsisisi para sa [d]kapatawaran ng mga kasalanan, sang-ayon sa mga tipan at kautusan.

21 Kung kinakailangan may mga pangulo, o namumunong pinuno mula sa, o itinalaga sa o mula sa yaong mga inordenan sa iba't ibang katungkulan sa dalawang pagkasaserdoteng ito.

22 Mula sa [a]Pagkasaserdoteng Melquisedec, tatlong [b]Namumunong Mataas na Saserdote, pinili ng pangkat, itinalaga at inordenan sa tungkuling yaon, at [c]pinagtibay ng pagtitiwala, pananampalataya, at panalangin ng simbahan, ang bumubuo ng isang korum ng Panguluhan ng Simbahan.

23 Ang [a]labindalawang naglalakbay na tagapayo ay tinawag na maging Labindalawang [b]Apostol, o mga natatanging saksi ng pangalan ni Cristo sa buong daigdig—sa gayon naiiba sa ibang mga pinuno ng simbahan sa mga tungkulin ng kanilang tawag.

24 At sila ay bumubuo ng isang korum, pantay sa karapatan at kapangyarihan sa tatlong pangulong unang nabanggit.

25 Ang [a]Pitumpu ay tinawag din na mangaral ng ebanghelyo, at na maging mga natatanging saksi sa mga Gentil at sa buong daigdig—sa gayon naiiba sa ibang mga pinuno ng simbahan sa mga tungkulin ng kanilang tawag.

26 At sila ay bumubuo ng isang korum, pantay sa kapangyarihan sa Labindalawang natatanging saksi o Apostol na kababanggit lamang.

27 At bawat pagpapasiyang gagawin ng alinman sa mga korum na ito ay kinakailangang sa pamamagitan ng nagkakaisang tinig ng naturan; na, bawat kasapi sa bawat korum ay kinakailangan sumang-ayon sa mga pasiya nito, upang magawa ang kanilang pagpapasiya sa gayon ding kapangyarihan o bisa sa isa't isa—

28 Ang nakararami ay maa-

---

19*a* Alma 12:9–11; D at T 63:23; 84:19–22. GBK Hiwaga ng Diyos, Mga.
*b* Heb. 12:22–24.
*c* GBK Tagapamagitan.
20*a* D at T 13:1; 84:26–27.
*b* GBK Ordenansa, Mga.
*c* GBK Pagbibinyag, Binyagan.
*d* GBK Kapatawaran ng mga Kasalanan.
22*a* GBK Pagkasaserdoteng Melquisedec.
*b* D at T 90:3, 6; 107:9, 65–67, 78–84, 91–92.
*c* GBK Pagtataguyod sa mga Pinuno ng Simbahan.
23*a* D at T 107:33–35.
*b* GBK Apostol.
25*a* GBK Pitumpu.

aring bumuo ng isang korum
kung hindi itutulot ng mga
pangyayari ang iba pa—
29 Maliban kung ito ang kala-
gayan, ang kanilang mga pasi-
ya ay walang karapatan sa ga-
yunding mga pagpapala na si-
yang mga pasiya ng korum ng
tatlong pangulo noong sinau-
na, na inordenan alinsunod sa
orden ni Melquisedec, at ma-
bubuti at mga banal na lalaki.
30 Ang mga pasiya ng mga
korum na ito, o isa sa kanila, ay
isasagawa ng buong [a]kabutihan,
sa kabanalan, at kababaan ng
puso, kaamuan at mahabang
pagtitiis, at sa pananampalata-
ya, at [b]kabaitan, at kaalaman,
kahinahunan, pagtitiis, pagka-
maka-diyos, pagmamahal pang-
kapatid, at pag-ibig sa kapwa
tao;
31 Dahil ang pangako ay, kung
ang mga bagay na ito ay nana-
nagana sa kanila sila ay hindi
magiging [a]di mabunga sa kaa-
laman ng Panginoon.
32 At kung sakaling ang alin-
man sa pagpapasiya ng mga ko-
rum na ito ay ginawa sa ka-
samaan, ito ay maaaring dalhin
sa harapan ng isang pangkala-
hatang pagpupulong ng iba't
ibang korum, na bumubuo sa
mga espirituwal na maykapang-
yarihan ng simbahan; kung hin-
di ay walang maaaring apela
mula sa kanilang pasiya.
33 Ang Labindalawa ay Nagla-
lakbay na Namumunong Mata-
as na Kapulungan, na gaganap
sa pangalan ng Panginoon, sa
ilalim ng tagubilin ng Pangulu-
han ng Simbahan, sang-ayon sa
pagkakatatag ng langit; upang
itayo ang simbahan, at pama-
halaan ang mga gawain ng na-
banggit sa lahat ng bansa, una
sa mga [a]Gentil at pangalawa sa
mga Judio.
34 Ang Pitumpu ay kikilos sa
pangalan ng Panginoon, sa ila-
lim ng tagubilin ng [a]Labindala-
wa o ng naglalakbay na mataas
na kapulungan, sa pagtatayo ng
simbahan at pamamahala sa la-
hat ng gawain ng nabanggit sa
lahat ng bansa, una sa mga Gen-
til at pagkatapos sa mga Judio—
35 Ang Labindalawa bilang si-
nugo, humahawak ng mga susi,
upang buksan ang pintuan sa
pamamagitan ng pagpapahayag
ng ebanghelyo ni Jesucristo, at
una sa mga Gentil at pagkata-
pos sa mga Judio.
36 Ang mga tumatayong [a]ma-
taas na kapulungan, sa mga is-
taka ng Sion, ay bumubuo ng
isang korum na pantay sa ka-
pangyarihan sa mga gawain ng
simbahan, sa lahat ng kanilang
kapasiyahan, sa korum ng pa-
nguluhan, o sa naglalakbay na
mataas na kapulungan.
37 Ang mataas na kapulungan
sa Sion ay bumubuo ng isang
korum na pantay sa kapangya-
rihan sa mga gawain ng simba-

30*a* D at T 121:36.
GBK Matwid, Katwiran.
*b* D at T 121:41.
GBK Kabaitan.
31*a* 2 Ped. 1:5–8.
33*a* 1 Ne. 13:42;
3 Ne. 16:4–13;
D at T 90:8–9.
34*a* D at T 112:21.
36*a* GBK Mataas na Kapulungan.

han, sa lahat ng kanilang pagpapasiya, sa mga kapulungan ng Labindalawa sa mga istaka ng Sion.
38 Katungkulan ng naglalakbay na mataas na kapulungan na tawagin ang [a]Pitumpu, kung kinakailangan nila ang tulong, na punan ang iba't ibang tungkulin upang ipangaral at pangasiwaan ang ebanghelyo, sa halip ng iba pa.
39 Katungkulan ng Labindalawa, sa lahat ng malaking sangay ng simbahan, na mag-orden ng mga [a]mangangaral ng ebanghelyo, tuwing sila ay tutukuyin sa kanila sa pamamagitan ng paghahayag—
40 Ang orden ng pagkasaserdoteng ito ay pinagtibay na ipasa-pasa mula sa ama patungo sa anak na lalaki, at nabibilang nang makatwiran sa mga literal na inapo ng piling binhi, kung kanino ginawa ang mga pangako.
41 Ang orden na ito ay itinatag sa mga araw ni [a]Adan, at bumaba sa [b]angkan sa paraang sumusunod:
42 Mula kay Adan kay [a]Set, na inordenan ni Adan sa gulang na animnapu't siyam na taon, at pinagpala niya tatlong taon bago siya (Adan) mamatay, at tinanggap ang pangako ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang ama, na ang kanyang angkan ay magiging mga pinili ng Panginoon, at sila ay pangangalagaan hanggang sa katapusan ng mundo;
43 Dahil siya (Set) ay isang [a]ganap na lalaki, at ang kanyang [b]wangis ay siya ring anyo ng kanyang ama, kung kaya nga tila siya ay katulad ng kanyang ama sa lahat ng bagay, at maaaring makilala ang kaibahan sa kanya sa kanyang gulang lamang.
44 Si Enos ay inordenan sa gulang na isandaan at tatlumpu't apat na taon at apat na buwan, ng kamay ni Adan.
45 Ang Diyos ay tumawag kay Cainan sa ilang sa ikaapatnapung taon ng kanyang gulang; at kanyang nasalubong si Adan sa paglalakbay sa lugar ng Shedolamak. Siya ay walumpu't pitong taong gulang nang matanggap niya ang kanyang ordinasyon.
46 Si Mahalaleel ay apat na raan at siyamnapu't anim na taon at pitong araw na gulang nang siya ay inordenan ng kamay ni Adan, na siya ring nagbasbas sa kanya.
47 Si Jared ay dalawang daang taong gulang nang siya ay inordenan sa ilalim ng kamay ni Adan, na siya ring nagbasbas sa kanya.
48 Si [a]Enoc ay dalawampu't limang taong gulang nang siya ay inordenan sa ilalim ng kamay ni Adan; at siya ay animnapu't lima at binasbasan siya ni Adan.

38*a* gbk Pitumpu.
39*a* gbk Ebanghelista; Patriyarka, Patriyarkal.
41*a* gbk Adan.
*b* Gen. 5; D at T 84:6–16; Moi. 6:10–25.
42*a* gbk Set.
43*a* gbk Ganap.
*b* Gen. 5:3.
48*a* gbk Enoc.

49 At kanyang nakita ang Panginoon, at siya ay lumakad kasama niya, at tuwinang nasa sa kanyang harapan; at siya ay [a]lumakad kasama ang Diyos tatlong daan at animnapu't limang taon, nasa apat na raan at tatlumpung taong gulang siya nang siya ay [b]nagbagong-kalagayan.
50 Si [a]Matusalem ay isandaang taon nang siya ay inordenan sa ilalim ng kamay ni Adan.
51 Si Lamec ay tatlumpu't dalawang taong gulang nang siya ay inordenan sa ilalim ng kamay ni Set.
52 Si [a]Noe ay sampung taong gulang nang siya ay inordenan sa ilalim ng kamay ni Matusalem.
53 Tatlong taon bago ang kamatayan ni Adan, tinawag niya sina Set, Enos, Cainan, Mahalaleel, Jared, Enoc, at Matusalem, na pawang [a]matataas na saserdote, kasama ang natitira sa kanyang angkan na mabubuti, sa lambak ng [b]Adan-ondi-Ahman, at doon ipinagkaloob sa kanila ang kanyang huling basbas.
54 At ang Panginoon ay nagpakita sa kanila, at sila ay tumayo at binasbasan si [a]Adan, at tinawag siyang [b]Miguel, ang prinsipe, ang arkanghel.
55 At ang Panginoon ay nagbigay ng aliw kay Adan, at sinabi sa kanya: Itinalaga kita na malagay sa unahan; isang pagkarami-raming bansa ang manggagaling sa iyo, at ikaw ay [a]prinsipe sa kanila magpakailanman.
56 At si Adan ay tumayo sa gitna ng kongregasyon; at, sa kabila ng siya ay hukot na sa katandaan, napupuspos ng Espiritu Santo, [a]ibinadya kung anuman ang sasapitin ng kanyang angkan hanggang sa kahuli-hulihang salinlahi.
57 Ang lahat ng bagay na ito ay nakasulat sa aklat ni Enoc, at patototohanan sa takdang panahon.
58 Tungkulin ng [a]Labindalawa, rin, na [b]ordenan at isaayos ang lahat ng iba pang mga pinuno ng simbahan, naaayon sa paghahayag na nagsasabing:
59 Sa simbahan ni Cristo sa lupain ng Sion, bilang karagdagan sa mga [a]batas ng simbahan na nauukol sa gawaing pansimbahan—
60 Katotohanan, sinasabi ko sa inyo, wika ng Panginoon ng mga Hukbo, talagang kinakailangang magkaroon ng mga [a]namumunong elder upang mamuno sa mga yaong nasa katungkulan ng isang elder;
61 At gayon din ang mga [a]sa-

49*a* Gen. 5:22; Heb. 11:5; Moi. 7:69.
*b* GBK Taong Nagbagong-kalagayan, Mga.
50*a* GBK Matusalem.
52*a* GBK Noe, Patriyarka sa Biblia.
53*a* GBK Mataas na Saserdote.
*b* D at T 78:15; 116:1. GBK Adan-ondi-Ahman.
54*a* D at T 128:21. GBK Adan.
*b* GBK Miguel.
55*a* D at T 78:16.
56*a* Moi. 5:10.
58*a* GBK Apostol.
*b* GBK Ordenan, Pag-oorden.
59*a* D at T 43:2–9.
60*a* D at T 107:89–90.
61*a* D at T 107:87.

serdote upang mamuno sa mga
yaong nasa katungkulan ng
isang saserdote;
62 At gayon din ang mga guro
upang [a]mamuno sa mga yaong
nasa katungkulan ng isang
guro, sa gayon ding pamamaraan, at gayon din ang mga diyakono—
63 Dahil dito, mula diyakono
hanggang sa guro, at mula guro
hanggang sa saserdote, at mula
saserdote hanggang sa elder,
kani-kanya gaya ng pagtalaga
sa kanila, alinsunod sa mga tipan at kautusan ng simbahan.
64 Pagkatapos darating ang
Mataas na Pagkasaserdote, na
siyang pinakadakila sa lahat.
65 Dahil dito, talagang kinakailangan na may isang itatalaga
sa Mataas na Pagkasaserdote
upang mamuno sa pagkasaserdote, at siya ay tatawaging Pangulo ng Mataas na Pagkasaserdote ng Simbahan;
66 O, sa ibang salita, ang [a]Namumunong Mataas na Saserdote sa Mataas na Pagkasaserdote ng Simbahan.
67 Mula sa nabanggit ay nagmumula ang pangangasiwa ng
mga ordenansa at pagpapala sa
simbahan, sa pamamagitan ng
[a]pagpapatong ng mga kamay.
68 Dahil dito, ang katungkulan
ng obispo ay hindi kapantay
nito; sapagkat ang katungkulan
ng [a]obispo ay sa pangangasiwa
ng lahat ng bagay na temporal;
69 Gayon pa man ang isang
obispo ay kinakailangang piliin
mula sa Mataas na [a]Pagkasaserdote, malibang siya ay [b]literal na
inapo ni Aaron;
70 Maliban kung siya ay literal
na inapo ni Aaron siya ay hindi
maaaring humawak ng mga
susi ng pagkasaserdoteng yaon.
71 Gayunpaman, ang isang
mataas na saserdote, gayon nga,
alinsunod sa orden ni Melquisedec, ay maaaring italaga para sa
pangangasiwa sa mga bagay na
temporal, na may kaalaman sa
kanila sa pamamagitan ng Espiritu ng katotohanan;
72 At gayon din na maging
isang [a]hukom sa Israel, upang
gawin ang gawain ng simbahan,
na luluklok sa paghahatol sa
mga lumalabag sa patotoong
ihaharap sa kanya alinsunod
sa mga batas, sa tulong ng kanyang mga tagapayo, na kanyang
pinili o pipiliin mula sa mga elder ng simbahan.
73 Ito ang tungkulin ng isang
obispo na hindi literal na inapo
ni Aaron, ngunit inordenan sa
Mataas na Pagkasaserdote alinsunod sa orden ni Melquisedec.
74 Sa gayon siya ay magiging isang hukom, maging
isang pangkalahatang hukom sa
mga naninirahan sa Sion, o sa
isang istaka ng Sion, o sa anumang sangay ng simbahan kung
saan siya itatalaga sa ministeryong ito, hanggang sa ang mga

62*a* D at T 107:85–86.
66*a* D at T 107:9, 91–92. GBK Pangulo.
67*a* GBK Kamay, Pagpapatong ng mga.
68*a* GBK Obispo.
69*a* GBK Pagkasaserdoteng Melquisedec.
*b* D at T 68:14–24; 84:18; 107:13–17.
72*a* D at T 58:17–18.

hangganan ng Sion ay mapala-
ki at kakailanganing magkaro-
on ng iba pang obispo o mga hu-
kom sa Sion o sa kahit saan.
75 At yayamang may ibang
mga obispong itinalaga sila ay
kikilos sa nabanggit na katung-
kulan.
76 Ngunit ang isang literal
na inapo ni Aaron ay may legal
na karapatan sa panguluhan ng
pagkasaserdoteng ito, sa mga
[a]susi ng ministeryong ito, na ku-
milos sa katungkulan ng obispo
nang nag-iisa, na walang mga
tagapayo, maliban sa pangya-
yari na kung saan ang isang Pa-
ngulo ng Mataas na Pagkasa-
serdote, alinsunod sa orden ni
Melquisedec, ay susubukin, na
umupo bilang isang hukom sa
Israel.
77 At ang kapasiyahan ng alin-
man sa mga kapulungang ito,
sang-ayon sa kautusan na nag-
sasabing:
78 Muli, katotohanan, sinasabi
ko sa inyo, ang pinakamahala-
gang gawain ng simbahan, at
ang [a]pinakamahirap na mga
usapin sa simbahan, yayamang
walang kasiyahan sa kapasiya-
han ng obispo o mga hukom,
ito ay ililipat at dadalhin sa ka-
pulungan ng simbahan, sa hara-
pan ng [b]Panguluhan ng Mataas
na Pagkasaserdote.
79 At ang Panguluhan ng ka-
pulungan ng Mataas na Pagka-
saserdote ay magkakaroon ng
kapangyarihang tumawag ng
iba pang matataas na saserdote,
maging labindalawa, upang tu-
mulong bilang mga tagapayo;
at sa gayon ang Panguluhan
ng Mataas na Pagkasaserdote
at mga tagapayo nito ay mag-
kakaroon ng kapangyarihang
magpasiya ayon sa patotoo
alinsunod sa mga batas ng sim-
bahan.
80 At matapos ang kapasi-
yahang ito ay hindi na ito aala-
lahanin pa sa harapan ng Pa-
nginoon; dahil sa ito ang pi-
nakamataas na kapulungan ng
simbahan ng Diyos, at isang pi-
nakahuling pasiya hinggil sa
mga pagtatalo sa mga bagay na
espirituwal.
81 Walang sinumang tao na
nabibilang sa simbahan ang di
saklaw ng kapulungang ito ng
simbahan.
82 At yayamang isang Pangulo
ng Mataas na Pagkasaserdote
ay lalabag, siya ay aalalahanin
sa harapan ng pangkaraniwang
kapulungan ng simbahan, na si-
yang tutulungan ng labindala-
wang tagapayo ng Mataas na
Pagkasaserdote;
83 At ang kanilang kapasiya-
han sa kanyang ulo ang magi-
ging wakas ng pagtatalo ukol
sa kanya.
84 Sa gayon, walang di saklaw
ng [a]katarungan at mga batas ng
Diyos, nang ang lahat ng bagay
ay maisagawa sa kaayusan at
sa kataimtiman sa harapan niya,
alinsunod sa katotohanan at ka-
butihan.
85 At muli, katotohanang si-
nasabi ko sa inyo, ang tungku-
lin ng isang pangulo sa katung-

76*a* GBK Susi ng Pagkasaserdote, Mga.
78*a* D at T 102:13, 28.
*b* D at T 68:22.
84*a* GBK Katarungan.

kulan ng isang [a]diyakono ay mamuno sa labindalawang diyakono, maupo sa kapulungan kasama nila, at [b]ituro sa kanila ang kanilang tungkulin, pinasisigla ang bawat isa, katulad ng pagkakabigay nito alinsunod sa mga tipan.

86 At gayon din ang tungkulin ng pangulo sa katungkulan ng mga [a]guro ay mamuno sa dalawampu't apat na guro, at maupo sa kapulungan kasama nila, nagtuturo sa kanila ng mga tungkulin ng kanilang katungkulan, katulad ng ibinigay sa mga tipan.

87 Gayon din ang tungkulin ng pangulo sa Pagkasaserdoteng Aaron ay mamuno sa apatnapu't walong [a]saserdote, at umupo sa kapulungan kasama nila, upang turuan sila ng mga tungkulin ng kanilang katungkulan, katulad ng ibinigay sa mga tipan—

88 Ang pangulong ito ay kinakailangang maging isang [a]obispo, dahil ito ang isa sa mga tungkulin ng pagkasaserdoteng ito.

89 Muli, ang tungkulin ng pangulo sa katungkulan ng mga [a]elder ay mamuno sa siyamnapu't anim na elder, at umupo sa kapulungan kasama nila, at turuan sila alinsunod sa mga tipan.

90 Ang panguluhang ito ay naiiba sa pitumpu, at nakatalaga para sa yaong mga hindi [a]naglalakbay sa buong daigdig.

91 At muli, ang tungkulin ng Pangulo ng katungkulan ng Mataas na Pagkasaserdote ay [a]mamuno sa buong simbahan, at maging katulad ni [b]Moises—

92 Masdan, narito ang karunungan; oo, ang maging isang [a]tagakita, isang [b]tagapaghayag, isang tagasalin, at [c]isang propeta, nagkaroon ng lahat ng [d]kaloob ng Diyos na kanyang ipinagkakaloob sa ulo ng simbahan.

93 At ito ay alinsunod sa pangitaing nagpapakita ng orden ng [a]Pitumpu, na sila ay nararapat magkaroon ng pitong pangulo na mamumuno sa kanila, pinili mula sa bilang ng pitumpu;

94 At ang ikapitong pangulo ng mga pangulong ito ang mamumuno sa anim;

95 At ang pitong pangulong ito ay pipili ng iba pang pitumpu bukod sa naunang pitumpu kung saan sila ay nabibilang, at sila ay mamumuno sa kanila;

96 At gayon din ang ibang pitumpu, hanggang sa pitong ulit ng pitumpu, kung ang gawain sa ubasan ay nangangailangan nito.

97 At ang pitumpung ito ay

85*a* GBK Diyakono.
*b* D at T 38:23; 88:77–79, 118.
86*a* D at T 20:53–60. GBK Guro, Pagkasaserdoteng Aaron.
87*a* GBK Saserdote, Pagkasaserdoteng Aaron.
88*a* GBK Obispo.
89*a* GBK Elder.
90*a* D at T 124:137.
91*a* D at T 107:9, 65–67.
*b* D at T 28:2; 103:16–21.
92*a* Mos. 8:13–18. GBK Tagakita.
*b* GBK Paghahayag.
*c* D at T 21:1. GBK Propeta.
*d* GBK Kaloob ng Espiritu, Mga.
93*a* D at T 107:38. GBK Pitumpu.

magiging mga [a]naglalakbay na mangangaral, sa mga Gentil muna at sa mga Judio rin.
98 Subalit ang ibang mga pinuno ng simbahan, na hindi nabibilang sa Labindalawa, ni maging sa Pitumpu, ay hindi nasasailalim ng tungkuling maglakbay sa lahat ng bansa, ngunit maglalakbay kapag itutulot sa kanila ng pagkakataon, sa kabila nito sila man ay maaaring humawak ng mataas at mga may pananagutang katungkulan sa simbahan.
99 Dahil dito, ang bawat tao ngayon ay matuto ng kanyang [a]tungkulin, at kumilos sa katungkulang itinalaga sa kanya, nang buong [b]sigasig.
100 Siya na [a]tamad ay hindi ibibilang na [b]karapat-dapat magtagal, at siya na hindi natututuhan ang kanyang tungkulin at ipinakikita ang kanyang sarili na hindi kaayun-ayon ay hindi ibibilang na karapat-dapat na magtagal. Maging gayon nga. Amen.

## BAHAGI 108

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Kirtland, Ohio, ika-26 ng Disyembre 1835 (* History of the Church, *2:345). Ang bahaging ito ay tinanggap sa kahilingan ni Lyman Sherman, na siyang dating inordenang mataas na saserdote at isang pitumpu, at siyang lumapit sa Propeta na may kahilingan para sa isang paghahayag na maipaalam ang kanyang tungkulin.*

*1–3, Si Lyman Sherman ay pinatawad sa kanyang mga kasalanan; 4–5, Siya ay mabibilang kasama ng mga pangunahing elder ng Simbahan; 6–8, Siya ay tinawag na mangaral ng ebanghelyo at patatagin ang kanyang mga kapatid.*

KATOTOHANAN ganito ang wika ng Panginoon sa iyo, aking tagapaglingkod na Lyman: Ang iyong mga kasalanan ay pinatatawad na, sapagkat iyong sinunod ang aking tinig na pumarito ngayong umaga upang tumanggap ng payo sa kanya na aking itinalaga.
2 Samakatwid, [a]matahimik ang iyong kaluluwa hinggil sa iyong espirituwal na katayuan, at huwag nang labanan pa ang aking tinig.
3 At bumangon at maging mas maingat mula ngayon sa pagtupad sa iyong mga panata, na iyong ginawa at ginagawa, at ikaw ay pagpapalain ng mga napakadakilang pagpapala.
4 Matiyagang maghintay hanggang sa ang [a]kapita-pitagang

97*a* D at T 124:138–139.
99*a* GBK Tungkulin.
*b* GBK Kasigasigan.
100*a* D at T 58:26–29.
GBK Tamad, Katamaran.
*b* GBK Karapat-dapat, Pagiging Karapat-dapat.
**108** 2*a* GBK Kapahingahan.
4*a* D at T 109:6–10.

kapulungan ay tatawagin ng aking mga tagapaglingkod, pagkatapos ikaw ay aalalahanin kasama ng una kong mga elder, at makatatanggap ng karapatan sa pamamagitan ng ordinasyon kasama ng aking ibang mga elder na aking pinili.
5 Masdan, ito ang [a]pangako ng Ama sa iyo kung mananatili kang tapat.
6 At matutupad sa iyo sa araw na yaon na ikaw ay magkakaroon ng karapatang [a]ipangaral ang aking ebanghelyo saan man kita isugo, mula sa mga oras na yaon.
7 Samakatwid, [a]patatagin ang iyong mga kapatid sa lahat ng iyong pakikipag-usap, sa lahat ng iyong panalangin, sa lahat ng iyong panghihikayat, at sa lahat ng iyong ginagawa.
8 At masdan, at narito, ako ay sumasaiyo upang pagpalain ka at [a]iligtas ka magpakailanman. Amen.

## BAHAGI 109

*Panalangin na inihandog sa paglalaan ng templo sa Kirtland, Ohio, ika-27 ng Marso 1836 (* History of the Church, *2:420–426). Ayon sa sinulat na paglalahad ng Propeta, ang panalanging ito ay ibinigay sa kanya sa pamamagitan ng paghahayag.*

*1–5, Ang Templo ng Kirtland ay ginawa bilang isang lugar na dadalawin ng Anak ng Tao; 6–21, Ito ay magiging isang tahanan ng panalangin, pag-aayuno, pananampalataya, pag-aaral, kaluwalhatian, at kaayusan, at isang bahay ng Diyos; 22–33, Nawa ang mga hindi nagsisisi na sumasalungat sa mga tao ng Panginoon ay malito; 34–42, Nawa ang mga Banal ay humayo sa kapangyarihan upang tipunin ang mabubuti sa Sion; 43–53, Nawa ang mga Banal ay maligtas mula sa mga kakila-kilabot na bagay na ibubuhos sa masasama sa mga huling araw; 54–58, Nawa ang mga bansa at tao at simbahan ay maging handa para sa ebanghelyo; 59–67, Nawa ang mga Judio, ang mga Lamanita, at buong Israel ay matubos; 68–80, Nawa ang mga Banal ay maputungan ng kaluwalhatian at karangalan at matamo ang walang hanggang kaligtasan.*

[a]SALAMAT sa inyong pangalan, O Panginoong Diyos ni Israel, na siyang tumutupad sa [b]tipan at nagpapakita ng awa sa inyong mga tagapaglingkod na lumalakad nang matwid sa harapan ninyo, nang buo nilang puso—
2 Kayo na siyang nag-utos sa inyong mga tagapaglingkod na

5*a* D at T 82:10.
6*a* GBK Gawaing Pangmisyonero.
7*a* Lu. 22:31–32.
8*a* 2 Ne. 9:19.
**109** 1*a* Alma 37:37; D at T 46:32. GBK Salamat, Nagpapasalamat, Pasasalamat.
*b* Dan. 9:4. GBK Tipan.

[a]magtayo ng isang bahay sa in-
yong pangalan sa pook na ito
[Kirtland].
3 At ngayon inyong namamas-
dan, O Panginoon, na ang in-
yong mga tagapaglingkod ay
gumawa alinsunod sa inyong
ipinag-utos.
4 At ngayon hinihiling namin
sa inyo, Banal na Ama, sa pa-
ngalan ni Jesucristo, ang Anak
ng inyong sinapupunan, sa
kung kaninong pangalan la-
mang ang kaligtasan ay maiga-
gawad sa mga anak ng tao,
aming hinihiling sa inyo, O Pa-
nginoon, na tanggapin ang [a]ba-
hay na ito, ang [b]gawa ng aming
mga kamay, na inyong mga ta-
gapaglingkod, na inyong ipi-
nag-utos na aming gawin.
5 Sapagkat inyong alam na
aming ginawa ang gawaing ito
sa pamamagitan ng labis na
paghihirap; at mula sa aming
kahirapan kami ay nagbigay ng
aming ari-arian upang magtayo
ng isang [a]bahay sa inyong pa-
ngalan, nang ang Anak ng Tao
ay magkaroon ng lugar na pag-
papakitaan ng kanyang sarili sa
kanyang mga tao.
6 At gaya ng sinabi ninyo sa
isang [a]paghahayag, na ibinigay
sa amin, tinatawag ninyo ka-
ming inyong mga kaibigan,
sinasabing—Tawagin ang in-
yong kapita-pitagang kapulu-
ngan, gaya ng ipinag-utos ko
sa inyo;
7 At yayamang hindi lahat ay
may pananampalataya, inyong
masigasig na hanapin at ituro
sa bawat isa ang salita ng karu-
nungan; oo, inyong hanapin
mula sa mga pinakamahusay na
aklat ang mga salita ng karunu-
ngan, maghanap ng kaalaman
maging sa pamamagitan ng
pag-aaral at gayon din sa pama-
magitan ng pananampalataya;
8 Isaayos ang inyong sarili;
ihanda ang lahat ng kinakaila-
ngang bagay, at magtayo ng
isang bahay, maging isang ba-
hay ng panalanginan, isang ba-
hay ng pag-aayuno, isang bahay
ng pananampalataya, isang ba-
hay ng pag-aaral, isang bahay ng
kaluwalhatian, isang bahay ng
kaayusan, isang bahay ng Diyos;
9 Nang ang inyong mga pag-
pasok ay maging sa pangalan
ng Panginoon, nang ang inyong
mga paglabas ay maging sa pa-
ngalan ng Panginoon, nang ang
lahat ng inyong pagbati ay ma-
ging sa pangalan ng Panginoon,
na may nakataas na mga kamay
sa Kataas-taasan—
10 At ngayon, Banal na Ama,
hinihiling namin sa inyo na tu-
lungan ninyo kami, na inyong
mga tao, sa pamamagitan ng
inyong biyaya, sa pagtawag ng
aming kapita-pitagang kapulu-
ngan, nang ito ay maisagawa
para sa inyong karangalan at sa
inyong banal na pagtanggap;
11 At sa pamamaraang kami ay
matatagpuang karapat-dapat, sa
inyong paningin, upang mata-

2*a* D at T 88:119.
4*a* 1 Hari 9:3.
GBK Templo, Bahay ng Panginoon.
*b* 2 Ne. 5:16.
5*a* D at T 124:27–28.
6*a* D at T 88:117–120.

mo ang katuparan ng mga [a]pangako na ginawa ninyo sa amin, na inyong mga tao, sa mga paghahayag na ibinigay sa amin;
12 Nang ang inyong [a]kaluwalhatian ay mapasainyong mga tao, at dito sa inyong bahay, na amin ngayong inihahandog sa inyo, upang ito ay mapabanal at mailaan upang maging banal, at nang ang inyong banal na kaluwalhatian ay tuwinang mapasa bahay na ito;
13 At nang ang lahat ng taong papasok sa pintuan ng bahay ng Panginoon ay madama ang inyong kapangyarihan, at mapilitang kilalanin na inyong pinabanal ito, at na ito ay inyong bahay, isang pook ng inyong kabanalan.
14 At inyong ipahintulot, Banal na Ama, na ang lahat ng yaong sasamba sa bahay na ito ay maturuan ng mga salita ng karunungan mula sa pinakamahusay na mga aklat, at nang sila ay maghangad ng karunungan maging sa pamamagitan ng pag-aaral, at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya, gaya ng inyong sinabi;
15 At nang sila ay lumaki sa inyo, at makatanggap ng kaganapan ng Espiritu Santo, at mabuo alinsunod sa inyong mga batas, at maging handa na matamo ang bawat kinakailangang bagay;
16 At na ang bahay na ito ay maging isang bahay ng panalangin, isang bahay ng pag-aayuno, isang bahay ng pananampalataya, isang bahay ng kaluwalhatian at ng Diyos, maging inyong bahay;
17 Nang ang lahat ng pagpasok ng inyong mga tao, sa bahay na ito, ay magawa sa pangalan ng Panginoon;
18 Nang ang lahat ng kanilang mga paglabas mula sa bahay na ito ay maging sa pangalan ng Panginoon;
19 At nang ang lahat ng kanilang pagbati ay maging sa pangalan ng Panginoon, nang may mga banal na kamay, na nakataas sa Kataas-taasan;
20 At na walang [a]maruming bagay ang papayagang pumasok sa inyong bahay upang dumihan ito;
21 At kapag ang inyong tao ay lumabag, sinuman sa kanila, sila ay madaling makapagsisisi at bumalik sa inyo, at makahanap ng kasihan sa inyong paningin, at mapanumbalik sa mga pagpapala na inyong itinalagang ibubuhos sa mga yaong [a]nagpipitagan sa inyo sa inyong bahay.
22 At hinihiling namin, Banal na Ama, na ang inyong mga tagapaglingkod ay makahayo mula sa bahay na ito na sakbit ang inyong kapangyarihan, at nang ang inyong pangalan ay mapasakanila, at ang inyong kaluwalhatian ay bumalot sa kanila, at ang inyong mga [a]anghel ay mangalaga sa kanila;

11*a* D at T 38:32; 105:11–12, 18, 33.
12*a* GBK Kaluwalhatian.
20*a* D at T 94:8–9; 97:15–17.
21*a* GBK Paggalang.
22*a* GBK Anghel, Mga.

23 At mula sa lugar na ito ay kanilang madala ang labis na dakila at maluwalhating balita, sa katotohanan, hanggang sa mga [a]dulo ng mundo, nang kanilang malaman na ito ay inyong gawain, at na inyong iniunat ang inyong kamay, upang tuparin ang inyong sinabi sa pamamagitan ng mga bibig ng mga propeta, hinggil sa mga huling araw.

24 Hinihiling namin, Banal na Ama, na itatag ang mga taong sasamba, at marangal na hahawak ng pangalan at katayuan dito sa inyong bahay, sa lahat ng salinlahi at sa walang hanggan;

25 Na walang sandatang [a]ginawa laban sa kanila ang magtatagumpay; siya na maghuhukay ng [b]libingan para sa kanila ang siya ring mahuhulog dito;

26 Na walang pagsasabuwatan ng kasamaan ang magkakaroon ng kapangyarihang makapaghihimagsik at [a]magwawagi sa inyong tao na kung kanino ang inyong [b]pangalan ay inilagay sa bahay na ito;

27 At kung may sinumang tao na maghihimagsik laban sa mga taong ito, ang inyong galit ay magniningas laban sa kanila;

28 At kung kanilang babagabagin ang mga taong ito ay inyo silang babagabagin; kayo ay makikipaglaban para sa inyong mga tao tulad ng ginawa ninyo sa araw ng digmaan, nang sila ay maligtas mula sa mga kamay ng lahat ng kanilang kaaway.

29 Aming hinihiling, Banal na Ama, na lituhin, at papagtakhin sila, at ipahiya at lituhin, ang lahat ng yaong nagkalat ng mga maling ulat sa ibang bansa, sa daigdig, laban sa inyong tagapaglingkod o mga tagapaglingkod, kung sila ay hindi magsisisi, kapag ang walang katapusang ebanghelyo ay ipahahayag sa kanilang mga tainga;

30 At upang ang lahat ng kanilang gawain ay mapawalangsaysay, at matangay sa pamamagitan ng [a]ulan, at sa pamamagitan ng mga paghahatol na inyong ipadadala sa kanila sa inyong galit, upang magkaroon ng wakas sa mga [b]kasinungalingan at paninirang-puri laban sa inyong mga tao.

31 Sapagkat inyong alam, O Panginoon, na ang inyong mga tagapaglingkod ay walang sala sa harapan ninyo sa pagpapatotoo sa inyong pangalan, kung saan sila ay nagdusa para sa mga bagay na ito.

32 Samakatwid kami ay nagsusumamo sa harapan ninyo para sa isang ganap at lubos na kaligtasan mula sa ilalim ng [a]pamatok na ito;

33 Baliin ito, O Panginoon; baliin ito mula sa leeg ng inyong mga tagapaglingkod, sa pamamagitan ng inyong kapangyarihan, nang kami ay makabangon sa gitna ng salinlahing ito at gawin ang inyong gawain.

34 O Jehova, maawa sa mga

23*a* D at T 1:2.
25*a* Is. 54:17.
*b* Kaw. 26:27; 1 Ne. 14:3; 22:14.
26*a* D at T 98:22.
*b* 1 Hari 8:29.
30*a* Is. 28:17; Mos. 12:6; D at T 29:16.
*b* 3 Ne. 21:19–21.
32*a* gbk Pamatok.

taong ito, at yayamang lahat ng
tao ay [a]nagkakasala patawarin
ang mga paglabag ng inyong
mga tao, at burahin ang mga
yaon magpakailanman.
35 Ibuklod ang [a]pagkakahirang
ng inyong mga mangangaral
nang may kapangyarihan mula
sa itaas.
36 Matupad ito sa kanila, gaya
sa mga yaon sa araw ng Pente-
kosta; mabuhos ang kaloob na
mga [a]wika sa iyong mga tao,
maging mga [b]dilang kawangis
ng apoy, at ang pagbibigay-
kahulugan dito.
37 At puspusin ang inyong
bahay, gaya ng isang rumaraga-
sang malakas na hangin, nang
inyong [a]kaluwalhatian.
38 Ilagay sa inyong mga taga-
paglingkod ang [a]patotoo ng ti-
pan, upang kapag sila ay haha-
yo at magpapahayag ng inyong
salita ay maaari nilang [b]pagti-
bayin ang batas, at ihanda ang
mga puso ng inyong mga banal
para sa lahat ng yaong pagha-
hatol na inyong ipadadala, sa
inyong poot, sa mga naninira-
han sa [c]mundo, dahil sa kani-
lang mga paglabag, upang ang
inyong mga tao ay hindi mang-
hina sa araw ng kaguluhan.
39 At saan mang lunsod ang
inyong tagapaglingkod papa-
sok, at ang mga tao sa lunsod
na yaon ay tatanggap ng kani-
lang patotoo, ang inyong kapa-
yapaan at ang inyong kaligta-
san ay mapasalunsod na yaon;
upang kanilang matipon mula
sa lunsod na yaon ang mabu-
buti, upang sila ay magtungo
sa [a]Sion, o sa kanyang mga ista-
ka, ang mga lugar na inyong
itinatakda, nang may mga awit
ng walang hanggang kagalakan;
40 At hanggang sa ito ay ma-
tupad, ang inyong mga pagha-
hatol ay huwag mapasalunsod
na yaon.
41 At saan mang lunsod ang
inyong tagapaglingkod ay pa-
pasok, at ang mga tao sa lunsod
na yaon ay hindi tinanggap ang
patotoo ng inyong mga taga-
paglingkod, at sila ay binalaan
ng inyong mga tagapaglingkod
upang mailigtas ang kanilang
sarili mula sa masamang salinla-
hing ito, mapasalunsod na yaon
alinsunod sa inyong sinabi sa
pamamagitan ng bibig ng in-
yong mga propeta.
42 Subalit iligtas ninyo, O
Jehova, kami ay nagsusumamo
sa inyo, ang inyong mga taga-
paglingkod mula sa kanilang
mga kamay, at linisin sila mula
sa kanilang dugo.
43 O Panginoon, kami ay hin-
di nalulugod sa kapahamakan
ng aming kapwa-tao; ang kani-
lang [a]kaluluwa ay mahalaga sa
harapan ninyo;
44 Subalit ang inyong salita ay
kinakailangang matupad. Tulu-
ngan ang inyong mga tagapag-
lingkod na sabihin, lakip ang in-

34*a* Rom. 3:23; 5:12. GBK Kasalanan.
35*a* GBK Pagpapahid ng Langis.
36*a* GBK Wika, Kaloob na mga.
*b* Gawa 2:1–3.
37*a* D at T 84:5; 109:12. GBK Kaluwalhatian.
38*a* GBK Patotoo.
*b* Is. 8:16; D at T 1:8.
*c* GBK Mundo—Paglilinis ng mundo.
39*a* Is. 35:10.
43*a* GBK Kaluluwa.

yong [a]biyayang tumutulong sa
kanila: Ang inyong kalooban
ang masusunod, O Panginoon,
at hindi ang sa amin.
45 Alam namin na kayo ay
nangusap sa pamamagitan ng
bibig ng inyong mga propeta
ng mga kakila-kilabot na bagay
hinggil sa masasama, sa mga
[a]huling araw—na inyong ibu-
buhos ang inyong mga pagha-
hatol, nang walang sukat;
46 Samakatwid, O Panginoon,
iligtas ang inyong mga tao mula
sa kapahamakan ng masasama;
papangyarihin na mapagtibay
ng inyong mga tagapaglingkod
ang batas, at talian ang patotoo,
nang sila ay maging handa sa
araw ng pagsusunog.
47 Hinihiling namin sa inyo,
Banal na Ama, na alalahanin
ang mga yaong itinaboy ng mga
naninirahan ng Jackson County,
Missouri, mula sa mga lupain
na kanilang mana, at baliin, O
Panginoon, ang pamatok ng
pagdurusa na ipinatong sa ka-
nila.
48 Inyong alam, O Panginoon,
na sila ay labis na inapi at pinag-
dusa ng masasamang tao; at ang
aming puso ay [a]nag-uumapaw
sa kapighatian dahil sa kanilang
mabigat na pasanin.
49 O Panginoon, [a]gaano kata-
gal ninyo papayagan ang mga
taong ito na pasanin ang pag-
durusang ito, at ang mga daing
ng kanilang mga musmos na
walang malay na pumaitaas sa
inyong mga tainga, at ang kani-
lang mga [b]dugo na magtungong
paitaas bilang patotoo sa hara-
pan ninyo, at hindi magpakita
ng inyong patotoo para sa ka-
nilang kapakanan?
50 [a]Maawa, O Panginoon, sa
masasamang manggugulo, na
nagtaboy sa inyong mga tao,
nang sila ay matigil sa panini-
ra, nang sila ay magsisi sa kani-
lang mga kasalanan kung ang
pagsisisi ay matatagpuan;
51 Subalit kung hindi, ipaki-
ta ang inyong bisig, O Pangino-
on, at [a]tubusin ang yaong in-
yong itinakdang Sion sa inyong
mga tao.
52 At kung ito ay hindi maaari,
na ang layunin ng inyong mga
tao ay hindi mabigo sa harapan
ninyo magsiklab nawa ang in-
yong poot, at ang inyong galit
ay mapasakanila, nang sila ay
mawasak, maging ugat at sanga,
sa ilalim ng langit;
53 Subalit yayamang sila ay
magsisisi, kayo ay mabait at ma-
awain, at inyong ibabaling ang
inyong poot kapag kayo ay titi-
ngin sa mukha ng inyong Hini-
rang.
54 Maawa, O Panginoon, sa
lahat ng bansa sa mundo; maa-
wa sa mga namumuno sa aming
lupain; nawa ang mga alitun-
tunin na yaon, na marangal at
dakilang ipinagtanggol, alala-
ong baga'y, ang [a]Saligang-batas

44*a* GBK Biyaya.
45*a* GBK Huling Araw, Mga.
48*a* GBK Pagkahabag.
49*a* Awit 13:1–2.
*b* GBK Martir, Pagkamartir.
50*a* GBK Awa, Maawain.
51*a* D at T 100:13; 105:2.
54*a* 1 Ped. 2:13–15; D at T 98:5–7; 101:77, 80. GBK Saligang-batas.

ng aming lupain, ng aming mga ama, ay maitatag magpakailanman.
55 Alalahanin ang mga hari, ang mga prinsipe, ang mga maharlika, at ang mga dakilang tao sa mundo, ang lahat ng tao, at ang mga simbahan, lahat ng maralita, ang nangangailangan, at mga nagdurusa sa mundo;
56 Na ang kanilang puso ay mapalambot kapag ang inyong mga tagapaglingkod ay humayo mula sa inyong bahay, O Jehova, upang magbigay-patotoo sa inyong pangalan; upang ang kanilang masasamang palagay ay magbigay-daan sa [a]katotohanan, at ang inyong mga tao ay makatamo ng kasihan sa paningin ng lahat;
57 Nang ang lahat ng dulo ng mundo ay malaman na kami, ang inyong mga tagapaglingkod, ay [a]narinig ang inyong tinig, at kami ay inyong isinugo;
58 Na mula sa lahat ng ito, ang inyong mga tagapaglingkod, ang mga anak na lalaki ni Jacob, ay matipon ang mabubuti upang magtayo ng isang banal na lunsod sa inyong pangalan, gaya ng ipinag-utos sa kanila.
59 Hinihiling namin sa inyo na magtakda sa Sion ng ibang mga [a]istaka maliban dito na inyong itinakda, upang ang [b]pagtitipon ng inyong tao ay magawa nang may dakilang kapangyarihan at kamahalan, nang ang inyong gawain ay [c]mapaikli sa kabutihan.
60 Ngayon ang mga salitang ito, O Panginoon, ay aming sinabi sa harapan ninyo, hinggil sa mga paghahayag at kautusan na inyong ibinigay sa amin, na nakikilala kasama ng mga [a]Gentil.
61 Subalit inyong alam na kayo ay may malaking pagmamahal para sa mga anak ni Jacob, na nakalat sa mga bundok sa loob ng mahabang panahon, sa isang maulap at madilim na araw.
62 Kami samakatwid ay humihiling sa inyo na maawa sa mga anak ni Jacob, na ang [a]Jerusalem, mula sa oras na ito, ay magsimulang matubos;
63 At ang pamatok ng pagkaalipin ay magsimulang mabali mula sa sambahayan ni [a]David;
64 At ang anak ni [a]Juda ay makapagsimulang bumalik sa mga [b]lupain na inyong ibinigay kay Abraham, na kanilang ama.
65 At papangyarihin na ang [a]labi ni Jacob, na sinumpa at binagabag dahil sa kanilang paglabag ay [b]magbalik-loob mula sa kanilang mabangis at

56*a* GBK Katotohanan.
57*a* D at T 20:16; 76:22–24.
59*a* Is. 54:2.
*b* GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
*c* Mat. 24:22.
60*a* 1 Ne. 13:1–32; 15:13–18.
62*a* 3 Ne. 20:29. GBK Jerusalem.
63*a* GBK David.
64*a* Zac. 12:6–9; Mal. 3:4; D at T 133:13, 35. GBK Juda.
*b* Gen. 17:1–8. GBK Lupang Pangako.
65*a* 2 Ne. 30:3; Alma 46:23–24; 3 Ne. 20:15–21; D at T 19:27.
*b* 2 Ne. 30:6; 3 Ne. 21:20–22. GBK Pagbabalik-loob, Nagbalik-loob.

mabagsik na kalagayan para sa kabuuan ng walang katapusang ebanghelyo;
66 Upang kanilang maibaba ang kanilang mga sandata ng pagpapadanak ng dugo, at tumigil sa kanilang mga paghihimagsik.
67 At nawa ang lahat ng nakalat na labi ni [a]Israel, na itinaboy sa mga dulo ng mundo, ay masumpungan ang kaalaman ng katotohanan, maniwala sa Mesiyas, at matubos mula sa pangaalipin, at magalak sa harapan ninyo.
68 O Panginoon, alalahanin ang inyong tagapaglingkod, si Joseph Smith, Jun., at ang lahat ng kanyang pagdurusa at paguusig—kung paano siya [a]nakipagtipan kay [b]Jehova, at nangako sa inyo, O Makapangyarihang Diyos ni Jacob—at ang mga kautusan na inyong ibinigay sa kanya, at kanyang matapat na pinagsumikapang gawin ang inyong kalooban.
69 Maawa, O Panginoon, sa kanyang asawa at mga anak, nang sila ay madakila sa inyong kinaroroonan, at mapangalagaan sa pamamagitan ng inyong mapag-alagang kamay.
70 Maawa sa lahat ng kanilang [a]pinakamalapit na kamag-anak, upang ang kanilang maling palagay ay mawala at matangay na gaya sa isang baha; upang sila ay magbalik-loob at matubos kasama ng Israel, at malaman na kayo ang Diyos.
71 Alalahanin, O Panginoon, ang mga pangulo, maging ang lahat ng pangulo ng inyong simbahan, na ang inyong kanang kamay ay dakilain sila, kasama ang lahat ng kanilang mag-anak, at lahat ng kanilang pinakamalapit na kamag-anak, upang ang kanilang mga pangalan ay mapanatili at walang katapusang maalaala sa bawat sali't salinlahi.
72 Alalahanin ang inyong buong simbahan, O Panginoon, kasama ang lahat ng kanilang mag-anak, at lahat ng kanilang pinakamalapit na kamag-anak, kasama ang lahat ng kanilang maysakit at nagdurusa, kasama ang lahat ng maralita at mapagkumbaba ng mundo; upang ang [a]kaharian, na inyong ginawa ng walang mga kamay, ay maging isang malaking bundok at punuin ang buong mundo;
73 Nang ang inyong simbahan ay lumabas mula sa ilang ng kadiliman, at magliwanag na maganda gaya ng [a]buwan, maliwanag gaya ng araw, at kakila-kilabot gaya ng isang hukbo na may mga bandila;
74 At mapalamutian gaya ng isang kasintahang babae para sa araw na inyong aalisin ang tabing ng langit, at papangyarihing [a]umagos ang bundok sa inyong harapan, at mapataas ang

67*a* GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
68*a* GBK Tipan.
*b* GBK Jehova.
70*a* IE malalapit na kamag-anak.
72*a* Dan. 2:44–45; D at T 65:2.
73*a* A ni S 6:10; D at T 5:14; 105:31.
74*a* D at T 133:21–22, 40.

mga [b]libis, at ang mga baku-
bakong lugar ay magawang pa-
tag; nang ang inyong kaluwal-
hatian ay punuin ang mundo;
75 Na kapag tumunog ang pa-
kakak para sa mga patay, kami
ay [a]papaitaas sa alapaap upang
salubungin kayo, upang kami
ay mapasa Panginoon magpa-
kailanman;
76 Nang ang aming mga kasu-
otan ay maging busilak, nang
kami ay madamitan ng [a]balabal
ng kabutihan, na may mga pa-
laspas sa aming mga kamay, at
mga [b]putong ng kaluwalhatian
sa aming mga ulo, at umani ng
walang hanggang [c]kagalakan
para sa lahat ng aming [d]pag-
durusa.
77 O Panginoong Diyos na
Pinakamakapangyarihan, pa-
kinggan kami sa aming mga
kahilingang ito, at sagutin kami
mula sa langit, na inyong banal
na tirahan, kung saan kayo na-
kaluklok sa trono, nang may
[a]kaluwalhatian, karangalan, ka-
pangyarihan, kamahalan, lakas,
pamamahala, katotohanan, ka-
tarungan, paghuhukom, awa,
at walang katapusang kagana-
pan, mula sa walang hanggan
hanggang sa walang hanggan.
78 O pakinggan, O pakinggan,
O pakinggan kami, O Pangino-
on! At sagutin ang mga kahili-
ngang ito, at tanggapin ang pag-
lalaan ng bahay na ito sa inyo,
ang gawa ng aming mga kamay,
na aming itinayo sa inyong pa-
ngalan;
79 At gayon din ang simba-
hang ito, upang ilagay rito ang
inyong pangalan. At tulungan
kami, sa pamamagitan ng ka-
pangyarihan ng inyong Espi-
ritu, na aming maisama ang
aming mga tinig sa mga yaong
maliwanag, nagniningning na
mga [a]serapin sa paligid ng in-
yong trono, nang may pagpu-
puri, umaawit ng Hosanna sa
Diyos at sa [b]Kordero!
80 At ang mga ito, ang inyong
mga hinirang, ay [a]madamitan
ng kaligtasan, at ang inyong
mga banal ay sumigaw nang
malakas sa kagalakan. Amen,
at Amen.

## BAHAGI 110

*Mga pangitaing ipinakita kay Joseph Smith, ang Propeta, at kay Oliver Cowdery sa templo sa Kirtland, Ohio, ika-3 ng Abril 1836 (*History of the Church, *2:435–436). Ang pangyayari ay sa isang pagpupulong sa araw ng Sabbath. Pinasimulan ng Propeta ang kanyang talaan ng mga pagpapakita sa ganitong mga salita: "Kinahapunan, tinulungan ko ang iba pang mga Pangulo sa pamamahagi ng Hapunan ng Panginoon sa Simbahan, tinatanggap ito mula sa Labindalawa, na kung kaninong pribi-*

74*b* Is. 40:4; Lu. 3:5; D at T 49:23.
75*a* 1 Tes. 4:17.
76*a* Apoc. 7:13–15; 2 Ne. 9:14.
*b* GBK Putong; Kadakilaan.
*c* GBK Kagalakan.
*d* Heb. 12:1–11; D at T 58:4.
77*a* GBK Kaluwalhatian.
79*a* Is. 6:1–2.
*b* GBK Kordero ng Diyos.
80*a* Awit 132:16.

*lehiyo ito ay mangasiwa sa banal na hapag ngayong araw na ito. Matapos magawa ang paglilingkod na ito sa aking mga kapatid nagtungo ako sa pulpito, naibaba na ang mga tabing, at iniyukod ang sarili, kasama si Oliver Cowdery, sa taimtim at tahimik na panalangin. Sa pagtayo mula sa pananalangin, ang mga sumusunod na pangitain ay nabuksan sa aming dalawa" (*History of the Church, *2:435).*

*1–10, Ang Panginoong Jehova ay nagpakita sa kaluwalhatian at tinanggap ang Templo ng Kirtland bilang kanyang bahay; 11–12, Sina Moises at Elias ay kapwa nagpakita at ipinagkatiwala ang kanilang mga susi at dispensasyon; 13–16, Si Elijah ay nagbalik at ipinagkatiwala ang mga susi ng kanyang dispensasyon gaya ng naipangako ni Malakias.*

ANG [a]tabing ay inalis mula sa aming mga isipan, at ang [b]mata ng aming pang-unawa ay nabuksan.
2 Aming nakita ang Panginoon na nakatayo sa sandigan ng pulpito, sa aming harapan; at sa ilalim ng kanyang mga paa ay isang gawa na nalalatagan ng lantay na ginto, na ang kulay ay gaya ng amarilyo.
3 Ang kanyang mga [a]mata ay gaya ng ningas ng apoy; ang buhok sa kanyang ulo ay puti gaya ng busilak na niyebe; ang kanyang [b]mukha ay nagniningning nang higit pa sa liwanag ng araw; at ang kanyang [c]tinig ay gaya ng lagaslas ng malalawak na tubig, maging ang tinig ni [d]Jehova, na nagsasabing:
4 Ako ang [a]una at ang huli; ako ang siyang [b]nabuhay, ako ang siyang pinaslang; ako ang inyong [c]tagapamagitan sa Ama.
5 Masdan, ang inyong mga kasalanan ay [a]pinatatawad na sa inyo; kayo ay malinis na sa aking harapan; samakatwid, itaas ang inyong mga ulo at magsaya.
6 Magsaya ang mga puso ng inyong mga kapatid, at magsaya ang mga puso ng lahat ng aking tao, na, sa pamamagitan ng kanilang lakas, ay [a]itinayo ang bahay na ito sa aking pangalan.
7 Sapagkat masdan, [a]tinanggap ko ang [b]bahay na ito, at ang aking pangalan ay malalagay rito; at ipakikita ko ang aking sarili sa awa sa aking mga tao sa bahay na ito.
8 Oo, ako ay [a]magpapakita sa aking mga tagapaglingkod, at mangungusap sa kanila sa sarili kong tinig, kung susundin ng aking mga tao ang aking mga kautusan, at kung hindi [b]durumihan ang [c]banal na bahay na ito.

**110** 1*a* GBK Tabing.
*b* D at T 76:12, 19; 136:32; 138:11.
3*a* Apoc. 1:14.
*b* Apoc. 1:16; JS—K 1:17.
*c* Ez. 43:2; Apoc. 1:15; D at T 133:21–22.
*d* GBK Jehova.
4*a* GBK Panganay.
*b* Deut. 5:24.
*c* GBK Tagapamagitan.
5*a* GBK Magpatawad.
6*a* D at T 109:4–5.
7*a* 2 Cron. 7:16.
*b* GBK Templo, Bahay ng Panginoon.
8*a* D at T 50:45.
*b* D at T 97:15–17.
*c* GBK Banal (pang-uri).

9 Oo ang mga puso ng libu-libo
at sampu-sampung libo ay labis
na magsasaya bunga ng mga
[a]pagpapalang ibubuhos, at sa
[b]endowment kung saan ang
aking mga tagapaglingkod ay
pinagkalooban sa bahay na ito.
10 At ang katanyagan ng ba-
hay na ito ay lalaganap sa mga
ibang lupain; at ito ang simula
ng mga pagpapala na [a]ibubuhos
sa mga ulo ng aking tao. Maging
gayon nga. Amen.
11 Matapos mapinid ang [a]pa-
ngitaing ito, ang kalangitan ay
muling binuksan sa amin; at si
[b]Moises ay nagpakita sa amin,
at ipinagkatiwala sa amin ang
mga [c]susi ng [d]pagtitipon sa Is-
rael mula sa apat na sulok ng
mundo, at ang pangunguna sa
sampung lipi mula sa [e]hilagang
lupain.
12 Matapos ito, si [a]Elias ay nag-
pakita, at ipinagkatiwala ang
[b]dispensasyon ng [c]ebanghelyo
ni Abraham, sinasabi na sa pa-
mamagitan namin at ng aming
binhi lahat ng susunod na salin-
lahi sa amin ay pagpapalain.
13 Matapos mapinid ang pa-
ngitaing ito, isa pang dakila at
maluwalhating pangitain ang
bumungad sa amin; sapagkat
ang propetang si [a]Elijah, na
[b]dinala sa langit nang hindi na-
katikim ng kamatayan, ay tu-
mindig sa aming harapan, at
sinabi:
14 Masdan, ang panahon ay
ganap nang dumating, na sinabi
ng bibig ni Malakias—nagpapa-
totoong siya [si Elijah] ay isusu-
go, bago ang pagdating ng daki-
la at kakila-kilabot na araw ng
Panginoon—
15 Upang [a]ibaling ang mga
puso ng mga ama sa mga anak,
at ang mga anak sa kanilang
mga ama, at baka ang buong
mundo ay bagabagin ng isang
sumpa—
16 Samakatwid, ang mga susi
ng dispensasyong ito ay ipinag-
kakatiwala sa inyong mga ka-
may; at sa pamamagitan nito ay
inyong malalaman na ang daki-
la at kakila-kilabot na [a]araw ng
Panginoon ay nalalapit na, ma-
ging nasa mga pintuan na.

## BAHAGI 111

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Salem, Massachusetts, ika-6 ng Agosto 1836 (*History of the

9*a* Gen. 12:1–3; D at T 39:15; Abr. 2:8–11.
*b* D at T 95:8. GBK Endowment.
10*a* D at T 105:12.
11*a* GBK Pangitain.
*b* Mat. 17:3.
*c* GBK Susi ng Pagkasaserdote, Mga.
*d* Jac. 6:2; D at T 29:7. GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
*e* D at T 133:26–32. GBK Israel—Ang sampung nawawalang lipi ni Israel.
12*a* GBK Elias.
*b* GBK Dispensasyon.
*c* Gal. 3:6–29. GBK Tipang Abraham.
13*a* GBK Elijah.
*b* GBK Taong Nagbagong-kalagayan, Mga.
15*a* JS—K 1:38–39. GBK Talaangkanan; Kaligtasan para sa mga Patay.
16*a* GBK Huling Araw, Mga.

Church, *2:465–466). Sa panahong ito ang mga pinuno ng Simbahan ay baon sa pagkakautang dahil sa kanilang mga gawain sa ministeryo. Matapos marinig na malaking halaga ng salapi ang kanilang makukuha roon sa Salem, ang Propeta, at sina Sydney Rigdon, Hyrum Smith, at Oliver Cowdery ay naglakbay patungo roon mula sa Kirtland, Ohio, upang alamin ang pahayag na ito, kasama rin ang pangangaral ng ebanghelyo. Ang mga kapatid ay nangasiwa ng ilang bagay na nauukol sa gawain ng Simbahan at bahagyang nangaral. Nang maging maliwanag na walang salaping darating, sila ay bumalik sa Kirtland. Ilan sa kadahilanang nangingibabaw sa karanasan ay ipinahihiwatig sa mga salita ng paghahayag na ito.*

*1–5, Ang Panginoon ay lumilingap sa mga temporal na pangangailangan ng kanyang mga tagapaglingkod; 6–11, Siya ay makikitungo nang may awa sa Sion at isasaayos ang lahat ng bagay para sa kabutihan ng kanyang mga tagapaglingkod.*

AKO, ang Panginoon ninyong Diyos, ay hindi nagagalit sa inyong paglalakbay na ito, sa kabila ng inyong mga kahangalan.

2 Ako ay may maraming kayamanan para sa inyo sa lunsod na ito, para sa kapakanan ng Sion, at maraming tao sa lunsod na ito, ang aking titipunin sa tamang panahon para sa kapakanan ng Sion, sa pamamagitan ninyo.

3 Samakatwid, nararapat na kayo ay makipagkilala sa mga tao sa lunsod na ito, ayon sa pag-aakay sa inyo, at ayon sa ibibigay sa inyo.

4 At ito ay mangyayari na sa tamang panahon aking ibibigay ang lunsod na ito sa inyong mga kamay, upang kayo ay magkaroon ng kapangyarihan dito, yayamang na hindi nila malalaman ang inyong mga lihim na bahagi; at ang mga kayamanan nito na nauukol sa ginto at pilak ay mapapasainyo.

5 Huwag balisahin ang inyong sarili tungkol sa inyong mga [a]pagkakautang, sapagkat kayo ay aking bibigyan ng kakayahang mabayaran ang mga ito.

6 Huwag balisahin ang inyong sarili tungkol sa Sion, sapagkat ako ay makikitungo sa kanya nang may awa.

7 Manatili sa lugar na ito, at sa mga pook na nasa paligid;

8 At ang lugar na kung saan nais ko kayong manatili, para sa kabuuan, ay ipaaalam sa inyo sa pamamagitan ng [a]kapayapaan at kapangyarihan ng aking Espiritu, na dadaloy sa inyo.

9 Ang lugar na ito ay matatamo ninyo sa pamamagitan ng pag-upa. At masigasig na magtanong hinggil sa mga naunang naninirahan at nagtatag ng lunsod na ito;

**111** 5*a* D at T 64:27–29.
8*a* D at T 27:16.
GBK Kapayapaan.

10 Sapagkat maraming kayamanang higit pa sa isa para sa inyo sa lunsod na ito.
11 Samakatwid, kayo ay maging [a]matalino gaya ng mga ahas subalit walang kasalanan; at aking isasaayos ang lahat ng bagay para sa inyong [b]kabutihan, kung gaano ninyo kabilis makayang matanggap ang mga yaon. Amen.

## BAHAGI 112

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, kay Thomas B. Marsh, sa Kirtland, Ohio, ika-23 ng Hulyo 1837 (* History of the Church, *2:499–501). Ang paghahayag ito ay naglalaman ng salita ng Panginoon kay Thomas B. Marsh hinggil sa Labindalawang Apostol ng Kordero. Itinala ng Propeta na ang paghahayag na ito ay natanggap sa araw na ang ebanghelyo ay unang naipangaral sa Inglatera. Si Thomas B. Marsh sa panahong ito ay Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol.*

*1–10, Ipalalaganap ng Labindalawa ang ebanghelyo at magtataas ng babalang tinig sa lahat ng bansa at tao; 11–15, Papasanin nila ang kanilang krus, susunod kay Jesus, at pakakainin ang kanyang mga tupa; 16–20, Ang mga yaong tumatanggap sa Unang Panguluhan ay tumatanggap sa Panginoon; 21–29, Ang kadiliman ay bumabalot sa lupa, at ang yaong sumasampalataya lamang at nabinyagan ang maliligtas; 30–34, Hawak ng Unang Panguluhan at ng Labindalawa ang mga susi ng dispensasyon ng kaganapan ng panahon.*

KATOTOHANAN ganito ang wika ng Panginoon sa iyo aking tagapaglingkod na Thomas: Aking narinig ang iyong mga panalangin; at ang iyong abuloy ay umakyat bilang isang [a]bantayog sa harapan ko, sa kapakanan ng mga yaong iyong mga kapatid, na napiling magpatotoo sa aking pangalan at [b]ipadala ito sa lahat ng bansa, lahi, wika, at tao, at inordenan sa pamamagitan ng tulong ng aking mga tagapaglingkod,
2 Katotohanang sinasabi ko sa iyo, may ilang bagay sa iyong puso at sa iyo na kung saan ako, ang Panginoon, ay hindi lubos na nalulugod.
3 Gayunman, yayamang [a]ibinaba mo ang iyong sarili ikaw ay dadakilain; samakatwid, lahat ng iyong kasalanan ay pinatawad na.
4 [a]Magalak ang iyong puso sa harapan ng aking mukha; at magpapatotoo ka sa aking pangalan, hindi lamang sa mga [b]Gentil, kundi gayon din sa mga [c]Judio; at iyong papalaganapin ang aking salita hanggang sa mga dulo ng mundo.

11*a* Mat. 10:16.
*b* Rom. 8:28; D at T 90:24; 100:15.
**112** 1*a* Gawa 10:4.
*b* D at T 18:28.
3*a* Mat. 23:12; Lu. 14:11.
4*a* Mat. 9:2; Juan 16:33.
*b* D at T 18:6; 90:8–9.
*c* D at T 19:27.

5 [a]Makipaglaban ka, samakatwid, bawat umaga; at sa bawat araw paratingin ang iyong [b]nagbababalang tinig; at pagsapit ng gabi huwag patulugin ang mga naninirahan sa mundo, dahil sa iyong mga salita.

6 Ipaalam ang iyong tirahan sa Sion, at huwag [a]alisin ang iyong tirahan; sapagkat ako, ang Panginoon, ay may mahalagang gawaing ipagagawa sa iyo, sa pagpapahayag ng aking pangalan sa mga anak ng tao.

7 Samakatwid, [a]bigkisan ang iyong balakang para sa gawain. Sapinan din ang iyong mga paa, sapagkat ikaw ay pinili, at ang iyong landas ay nasa mga bundok, at sa maraming bansa.

8 At sa pamamagitan ng iyong salita maraming mapagmataas ang [a]ibababa, at sa pamamagitan ng iyong salita maraming mababababa ang itataas.

9 Ang iyong salita ay magiging isang pagsaway sa mga lumalabag; at sa iyong pagsaway itigil ang dila ng mapanirang-puri sa kanyang katampalasanan.

10 Maging [a]mapagpakumbaba ka; at ang Panginoon mong Diyos ay aakayin ka sa kamay, at bibigyan ka ng kasagutan sa iyong mga panalangin.

11 Batid ko ang iyong puso, at narinig ko ang iyong mga panalangin hinggil sa iyong mga kapatid. Huwag kumiling sa kanila sa [a]pagmamahal nang higit sa marami pang iba, bagkus ang iyong pagmamahal sa kanila ay gaya ng sa iyong sarili; at ang iyong pag-ibig ay pasaganahin sa lahat ng tao, at sa lahat ng nagmamahal sa aking pangalan.

12 At manalangin para sa iyong mga kapatid na nasa Labindalawa. Paalalahanan sila nang lubos para sa kapakanan ng aking pangalan, at sila ay paalalahanan sa lahat ng kanilang kasalanan, at maging matapat ka sa harapan ko sa aking [a]pangalan.

13 At matapos ng kanilang mga [a]tukso, at maraming [b]pagdurusa, masdan, ako, ang Panginoon, ay maaawa sa kanila, at kung hindi nila patitigasin ang kanilang mga puso, at hindi patitigasin ang kanilang mga leeg laban sa akin, sila ay [c]magbabalik-loob, at akin silang pagagalingin.

14 Ngayon, sinasabi ko sa iyo, at ang sinasabi ko sa iyo, ay sinasabi ko sa lahat ng Labindalawa: Bumangon at bigkisan ang iyong balakang, pasanin mo ang iyong [a]krus, sumunod sa akin, at [b]pakainin ang aking mga tupa.

5*a* Jud. 1:3.
*b* D at T 1:4–5.
6*a* Awit 125:1.
7*a* Ef. 6:13–17.
8*a* GBK Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba.
10*a* Kaw. 18:12.
11*a* Mat. 5:43–48. GBK Pag-ibig sa Kapwa-tao; Pagmamahal.
12*a* GBK Jesucristo—Taglayin ang pangalan ni Jesucristo sa atin.
13*a* GBK Tukso, Panunukso.
*b* Juan 16:33; Apoc. 7:13–14; D at T 58:3–4.
*c* 3 Ne. 18:32. GBK Pagbabalik-loob, Nagbalik-loob.
14*a* Mat. 16:24; PJS, Mat. 16:25–26; Lu. 9:23.
*b* Juan 21:15–17.

15 Huwag dakilain ang iyong
sarili; huwag [a]maghimagsik laban sa aking tagapaglingkod
na si Joseph; sapagkat katotohanang sinasabi ko sa iyo, ako
ay sumasakanya, at ang aking
kamay ay pasasa kanya; at ang
mga [b]susing ibinigay ko sa kanya, at gayon din sa bawat isa sa
inyo, ay hindi makukuha mula
sa kanya hanggang sa aking
pagparito.
16 Katotohanang sinasabi ko
sa iyo, ang aking tagapaglingkod na Thomas, ikaw ang taong aking pinili na humawak
ng mga susi ng aking kaharian,
na nauukol sa Labindalawa, sa
ibang mga lugar sa lahat ng
bansa—
17 Na ikaw ay aking maging
tagapaglingkod na magbubukas
ng pintuan ng kaharian sa lahat
ng lugar na kung saan ang aking
tagapaglingkod na si Joseph, at
ang aking tagapaglingkod na si
[a]Sidney, at ang aking tagapaglingkod na si [b]Hyrum, ay hindi
makatutungo;
18 Sapagkat sa kanila aking
ipinatong ang pasanin ng buong simbahan sa isang maikling
panahon.
19 Dahil dito, saan ka man nila
isugo, humayo ka, at ako ay mapasasaiyo; at saan mang lugar
ka mangaral ng aking pangalan
isang [a]mapakikinabangang pintuan ang bubuksan sa iyo, nang
kanilang matanggap ang aking
salita.
20 At sinumang [a]tumatanggap
ng aking salita ay tumatanggap
sa akin, at ang sinumang tumatanggap sa akin, tumatanggap
sa yaong Unang Panguluhan,
na aking isinugo, na aking ginawang mga tagapayo sa inyo
para sa kapakanan ng aking
pangalan.
21 At muli, sinasabi ko sa iyo,
na sinuman ang iyong isusugo
sa aking pangalan, sa pamamagitan ng tinig ng iyong mga kapatid, ang [a]Labindalawa, na nararapat na itinagubilin at [b]inatasan mo, ay magkakaroon ng
kapangyarihang buksan ang
pintuan ng aking kaharian sa
alinmang bansa kung saan mo
sila isugo—
22 Yayamang sila ay magpapakumbaba sa harapan ko, at mananatili sa aking salita, at [a]makinig sa tinig ng aking Espiritu.
23 Katotohanan, katotohanan,
sinasabi ko sa iyo, nababalot ng
[a]kadiliman ang mundo, at salimuot na kadiliman ang mga
nasa kaisipan ng mga tao, at
ang lahat ng laman ay naging
[b]makasalanan sa harapan ko.

15*a* GBK Paghihimagsik.
*b* D at T 28:7.
GBK Susi ng Pagkasaserdote, Mga.
17*a* GBK Rigdon, Sidney.
*b* GBK Smith, Hyrum.
19*a* 1 Cor. 16:9; D at T 118:3.
20*a* D at T 84:35–38.
21*a* D at T 107:34–35.
*b* GBK Karapatan.
22*a* GBK Makinig; Pagsunod, Masunurin, Sumunod.
23*a* Is. 60:2; Mi. 3:6; D at T 38:11.
GBK Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan—Lubusang pagtalikod sa katotohanan ng naunang Cristiyanong simbahan.
*b* D at T 10:20–23.

24 Masdan, ang [a]paghihiganti ay madaling darating sa mga naninirahan sa mundo, isang araw ng poot, isang araw ng pagsunog, isang araw ng kapanglawan, ng [b]pagtangis, ng pagdadalamhati, at ng pananangis; at gaya ng isang ipu-ipo ito ay darating sa balat ng lupa, wika ng Panginoon.

25 At sa aking bahay ito [a]magsisimula, at mula sa aking bahay ito ay hahayo, wika ng Panginoon;

26 Una sa mga yaong nasa iyo, wika ng Panginoon, na [a]nagkunwaring alam ang aking pangalan at hindi [b]nakakikilala sa akin, at [c]naglapastangan sa akin sa gitna ng aking sambahayan, wika ng Panginoon.

27 Samakatwid, tiyakin na hindi ninyo babagabagin ang inyong sarili tungkol sa mga gawain ng aking simbahan sa lugar na ito, wika ng Panginoon.

28 Bagkus [a]padalisayin ang inyong mga puso sa harapan ko; at pagkatapos ay [b]humayo sa buong daigdig, at mangaral ng aking ebanghelyo sa lahat ng nilikha na hindi pa nakatatanggap nito;

29 At siya na [a]sumasampalataya at [b]nabinyagan ay maliligtas, at siya na hindi sumasampalataya, at hindi nabinyagan, ay [c]susumpain.

30 Sapagkat sa inyo, ang [a]Labindalawa, at yaong [b]Unang Panguluhan, na itinalagang kasama mo upang maging iyong mga tagapayo at iyong mga pinuno, ay ibinigay ang kapangyarihan ng pagkasaserdoteng ito, para sa mga huling araw at para sa huling panahon, na siyang [c]dispensasyon ng kaganapan ng panahon.

31 Na yaong kapangyarihan ay taglay mo, na may kaugnayan sa lahat ng yaong nakatanggap ng dispensasyon sa alin mang panahon mula pa noong simula ng paglalang;

32 Sapagkat katotohanang sinasabi ko sa iyo, ang mga [a]susi ng dispensasyon, na inyong natanggap, ay [b]nagmula sa mga ninuno, at huli sa lahat, ipinadala mula sa langit para sa iyo.

33 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, masdan napakahalaga ng inyong tungkulin. [a]Linisin ang inyong mga puso at ang inyong mga kasuotan, at kung hindi ang dugo ng salinlahing ito ay [b]hihingin sa inyong mga kamay.

34 Maging matapat hanggang sa pumarito ako, sapagkat ako

24*a* GBK Paghihiganti.
*b* D at T 124:8.
25*a* 1 Ped. 4:17–18.
26*a* Mat. 7:21–23; D at T 41:1; 56:1.
*b* Lu. 6:46; Mos. 26:24–27; 3 Ne. 14:21–23.
*c* GBK Lapastangan, Kalapastangan.
28*a* GBK Dalisay, Kadalisayan.
*b* Mar. 16:15–16.
29*a* Morm. 9:22–23; D at T 20:25–26.
*b* GBK Pagbibinyag, Binyagan.
*c* GBK Kapahamakan.
30*a* GBK Apostol.
*b* GBK Unang Panguluhan.
*c* Ef. 1:10; D at T 27:13; 124:40–42. GBK Dispensasyon.
32*a* D at T 110:11–16. GBK Susi ng Pagkasaserdote, Mga.
*b* Abr. 1:2–3.
33*a* Jac. 1:19.
*b* D at T 72:3.

ay madaling [a]paparito; at ang aking gantimpala ay nasa akin upang bayaran ang bawat isa ayon sa kanyang [b]gawa. Ako ang Alpha at Omega. Amen.

## BAHAGI 113

*Mga sagot sa ilang katanungan sa mga isinulat ni Isaias, na ibinigay ni Joseph Smith, ang Propeta, Marso 1838 (* History of the Church, *3:9–10).*

*1–6, Ang Puno ni Jesse, ang usbong na manggagaling mula roon, at ang ugat ni Jesse ay kinilala; 7–10, Ang nakakalat na mga labi ng Sion ay may karapatan sa pagkasaserdote at tinatawag na bumalik sa Panginoon.*

SINO ang Puno ni [a]Jesse na binabanggit sa una, ikalawa, ikatlo, ikaapat at ikalimang talata ng ikalabing-isang kabanata ni Isaias?

2 Katotohanan ganito ang wika ng Panginoon: Ito ay si Cristo.

3 Ano ang usbong na binabanggit sa unang talata ng ikalabing-isang kabanata ni Isaias, na magmumula sa Puno ni Jesse?

4 Masdan, ganito ang wika ng Panginoon: Ito ay isang tagapaglingkod sa mga kamay ni Cristo, na bahagyang inapo ni Jesse gayon din ni [a]Ephraim, o ng sambahayan ni Jose, na kung kanino naroon ang labis na [b]kapangyarihan.

5 Ano ang ugat ni Jesse na binabanggit sa ika-sampung talata ng ikalabing-isang kabanata?

6 Masdan, ganito ang wika ng Panginoon, ito ay isang inapo ni Jesse, gayon din ni Jose, na kung kanino nararapat mabilang ang pagkasaserdote, at ang mga [a]susi ng kaharian, para isang [b]sagisag, at para sa [c]pagtitipon ng aking mga tao sa mga huling araw.

7 Mga katanungan ni Elias Higbee: Ano ang ibig sabihin ng utos sa Isaias, ikalimampu't dalawang kabanata, unang talata, na nagsasabing: Isuot mo ang iyong lakas, O Sion—at anong mga tao ang tinutukoy ni Isaias dito?

8 Tinutukoy niya ang mga yaong tinawag ng Diyos sa mga huling araw, na siyang hahawak ng kapangyarihan ng pagkasaserdote upang muling ibalik ang [a]Sion, at ang katubusan ng Israel; at ang pagsuot ng kanyang [b]lakas ay pagsuot ng kapangyarihan ng pagkasaserdote, na siya, ang Sion, ay may [c]karapatan sa pamamagitan ng angkan; gayon din ang bumalik sa kapangyarihang yaon na kanyang naiwala.

34*a* Apoc. 22:7, 12; D at T 49:28; 54:10.
*b* GBK Gawa, Mga.
**113** 1*a* GBK Jesse.
4*a* Gen. 41:50–52; D at T 133:30–34. GBK Ephraim.
*b* GBK Kapangyarihan.
6*a* GBK Susi ng Pagkasaserdote, Mga.
*b* D at T 45:9. GBK Sagisag.
*c* GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
8*a* GBK Sion.
*b* D at T 82:14.
*c* GBK Pagkapanganay.

9 Ano ang dapat nating maunawaan sa pagkakalag ng Sion sa mga gapos sa kanyang leeg; ikalawang talata?

10 Dapat nating maunawaan na ang [a]nagkalat na mga labi ay hinihikayat na [b]bumalik sa Panginoon na kung saan sila ay bumagsak; na kung kanilang gagawin, ang pangako ng Panginoon ay magsasalita siya sa kanila, o bibigyan sila ng paghahayag. Tingnan ang ikaanim, ikapito, at ikawalong talata. Ang mga gapos ng kanyang mga leeg ay mga sumpa ng Diyos sa kanya, o ang mga labi ni Israel sa kanilang kalat na kalagayan sa mga Gentil.

## BAHAGI 114

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Far West, Missouri, ika-17 ng Abril 1838 (* History of the Church, *3:23).*

*1–2, Ang mga tungkuling pansimbahan na hinahawakan ng yaong hindi matatapat ay ibibigay sa iba.*

1 KATOTOHANAN ganito ang wika ng Panginoon: Karunungan sa aking tagapaglingkod na si David W. Patten, na isaayos niya ang lahat ng kanyang negosyo sa lalong madaling panahon na magagawa niya, at gumawa ng pamamahagi ng kanyang kalakal, upang maisagawa niya ang isang misyon sa akin sa susunod na tagsibol, kasama ng iba, maging labindalawa kasama siya, upang magpatotoo sa aking pangalan at magpahayag ng mabuting balita sa buong daigdig.

2 Sapagkat katotohanan ganito ang wika ng Panginoon, na yayamang mayroon sa inyo na nagtatatwa sa aking pangalan, iba ang [a]ilalagay [b]kapalit nila at tatanggapin ang kanilang obispado. Amen.

## BAHAGI 115

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Far West, Missouri, ika-26 ng Abril 1838, ipinaaalam ang kalooban ng Diyos hinggil sa pagtatatag ng lugar na yaon at ng bahay ng Panginoon (* History of the Church, *3:23–25). Ang paghahayag na ito ay pinararating sa mga namumunong pinuno ng Simbahan.*

*1–4, Pinangalanan ng Panginoon ang kanyang simbahan Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw; 5–6, Ang Sion at ang kanyang mga istaka ay mga lugar ng tanggulan at kanlungan para sa mga Banal; 7–16, Ang mga Banal ay inutusang magtayo ng*

10*a* GBK Israel—Ang pagkalat ng Israel.
*b* Os. 3:4–5; 2 Ne. 6:11.

**114** 2*a* D at T 118:1, 6.
*b* D at T 64:40.

*isang bahay ng Panginoon sa Far West; 17–19, Si Joseph Smith ang may hawak ng mga susi ng kaharian ng Diyos sa mundo.*

KATOTOHANAN ganito ang wika ng Panginoon sa iyo, aking tagapaglingkod na [a]Joseph Smith, Jun., at gayon din sa aking tagapaglingkod na si [b]Sidney Rigdon, at gayon din sa aking tagapaglingkod na si [c]Hyrum Smith, at sa inyong mga tagapayo na siya at siyang itatalaga pagkaraan nito;
2 At gayon din sa iyo, aking tagapaglingkod na [a]Edward Partridge, at sa kanyang mga tagapayo;
3 At gayon din sa aking matatapat na tagapaglingkod na siyang nasa mataas na kapulungan ng aking simbahan sa Sion, sapagkat sa ganito ito ay tatawagin, at sa lahat ng elder at tao ng aking Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, na nakakalat sa buong daigdig;
4 Sapagkat sa ganito tatawagin ang aking [a]simbahan sa mga huling araw, maging [b]Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.
5 Katotohanang sinasabi ko sa inyong lahat: [a]Bumangon at magliwanag, nang ang inyong liwanag ay maging isang [b]sagisag sa mga bansa;
6 At nang ang [a]pagtitipong sama-sama sa lupain ng [b]Sion, at sa kanyang mga [c]istaka, ay maaaring maging isang tanggulan, at isang [d]kanlungan mula sa bagyo, at mula sa poot sa panahong ito ay [e]ibubuhos nang walang halo sa buong lupa.
7 Gawin ang lunsod, ang Far West, na maging banal at nakalaang lupain sa akin; at ito ay tatawaging pinakabanal, sapagkat ang lupa na iyong kinatatayuan ay [a]banal.
8 Kaya nga, inuutusan ko kayo na [a]magtayo ng isang bahay sa akin, para sa sama-samang pagtitipon ng aking mga banal, upang [b]masamba nila ako.
9 At magkaroon ng simula ang gawaing ito, at isang saligan, at isang panimulang gawain, sa susunod na tag-init;
10 At simulang gawin sa ikaapat na araw ng Hulyong darating; at mula sa panahong yaon ang aking mga tao ay gagawa nang masigasig upang magtayo ng bahay sa aking pangalan;
11 At [a]isang taon mula sa araw na ito sila ay muling magsisimula sa paglalagay ng saligan ng aking [b]bahay.

**115** 1*a* GBK Smith, Joseph, Jr.
*b* GBK Rigdon, Sidney.
*c* GBK Smith, Hyrum.
2*a* GBK Partridge, Edward.
4*a* 3 Ne. 27:4–8.
*b* GBK Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Ang.
5*a* Is. 60:1–3.
*b* Is. 11:12. GBK Sagisag.
6*a* GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
*b* GBK Sion.
*c* D at T 101:21. GBK Istaka.
*d* Is. 25:1, 4; D at T 45:66–71.
*e* Apoc. 14:10; D at T 1:13–14.
7*a* GBK Banal (pang-uri).
8*a* D at T 88:119; 95:8.
*b* GBK Pagsamba.
11*a* D at T 118:5.
*b* D at T 124:45–54.

12 Sa gayon sila mula sa panahong yaon ay gagawa nang masigasig hanggang sa ito ay matapos, mula sa batong panulok nito hanggang sa tuktok niyon, hanggang sa walang matirang anumang bagay na hindi pa natatapos.

13 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, huwag mangutang muli ang aking tagapaglingkod na si Joseph, ni ang aking tagapaglingkod na si Sidney, ni ang aking tagapaglingkod na si Hyrum, para sa pagtatayo ng bahay sa aking pangalan;

14 Subalit isang bahay ang itatayo sa aking pangalan alinsunod sa [a]huwarang aking ipakikita sa kanila.

15 At kung itatayo ito ng aking mga tao nang hindi alinsunod sa huwaran na aking ipakikita sa kanilang panguluhan, hindi ko tatanggapin ito sa kanilang mga kamay.

16 Ngunit kung itatayo ito ng aking mga tao alinsunod sa huwaran na aking ipakikita sa kanilang panguluhan, maging ang aking tagapaglingkod na si Joseph at ang kanyang mga tagapayo, sa gayon tatanggapin ko ito sa mga kamay ng aking mga tao.

17 At muli, katotohanang sinasabi ko sa inyo, aking kalooban na ang lunsod ng Far West ay kaagad na itayo sa pamamagitan ng pagtitipon ng aking mga banal;

18 At gayon din ang ibang mga lugar ay ilaan para sa mga [a]istaka sa mga pook sa paligid, habang ang mga ito ay ipinakikita sa aking tagapaglingkod na si Joseph, sa pana-panahon.

19 Dahil masdan, makakasama niya ako, at akin siyang pababanalin sa harapan ng mga tao; sapagkat sa kanya ay ibinigay ko ang aking mga [a]susi ng kaharian at ministeryong ito. Maging gayon nga. Amen.

## BAHAGI 116

*Paghahayag na ibinigay kay Joseph Smith ang Propeta, malapit sa Wight's Ferry, sa lugar na tinatawag na Spring Hill, Daviess County, Missouri, ika-19 ng Mayo 1838 (*History of the Church, *3:35).*

1 ANG Spring Hill ay pinangalanan ng Panginoon na [a]Adan-ondi-Ahman, dahil, wika niya, ito ang lugar na kung saan si [b]Adan ay darating upang dalawin ang kanyang mga tao, o ang [c]Matanda sa mga Araw ay uupo, gaya ng sinabi ni Daniel, ang propeta.

14*a* Heb. 8:5; D at T 97:10.
18*a* D at T 101:21. GBK Istaka.
19*a* GBK Susi ng Pagkasaserdote, Mga.
**116** 1*a* D at T 78:15. GBK Adan-ondi-Ahman.
*b* GBK Adan.
*c* Dan. 7:13–14, 22.

## BAHAGI 117

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Far West, Missouri, ika-8 ng Hulyo 1838, hinggil sa pangunahing tungkulin nina William Marks, Newel K. Whitney, at Oliver Granger (*History of the Church, *3:45–46).*

*1–9, Ang mga tagapaglingkod ng Panginoon ay hindi dapat na magnasa ng mga bagay na temporal, sapagkat "ano ba ang ari-arian sa Panginoon?"; 10–16, Kanilang talikuran ang kaliitan ng kaluluwa, at ang kanilang mga hain ay banal sa Panginoon.*

KATOTOHANAN ganito ang wika ng Panginoon sa aking tagapaglingkod na si William Marks, at gayon din sa aking tagapaglingkod na si Newel K. Whitney, ayusin nila nang mabilis ang kanilang negosyo at na maglakbay mula sa lupain ng Kirtland, bago ako, ang Panginoon, magpaulang muli ng niyebe sa lupa.

2 Gumising sila, at bumangon, at humayo, at huwag mamalagi, sapagkat ako, ang Panginoon, ang nag-utos nito.

3 Samakatwid, kung sila ay mamalagi hindi ito makabubuti sa kanila.

4 Magsisi sila ng lahat ng kanilang kasalanan, at ng lahat ng kanilang kasakiman, sa harapan ko, wika ng Panginoon; sapagkat ano ba ang [a]ari-arian para sa akin? wika ng Panginoon.

5 Ibabayad ang lahat ng ari-arian sa Kirtland sa mga [a]pagkakautang, wika ng Panginoon. Bitawan ang mga ito, wika ng Panginoon, at anuman ang matira, panatilihin ito sa inyong mga kamay, wika ng Panginoon.

6 Wala ba akong mga ibon sa langit, at gayon din ng mga isda sa dagat, at mga hayop sa kabundukan? Hindi ko ba nilikha ang mundo? Hindi ko ba hawak ang [a]kapalaran ng lahat ng hukbo ng mga bansa sa lupa?

7 Samakatwid, hindi ko ba sisibulan at pamumulaklakin ang [a]mapapanglaw na lugar, at mamunga nang sagana? wika ng Panginoon.

8 Wala bang sapat na lugar sa mga bundok ng [a]Adan-ondi-Ahman, at sa mga kapatagan ng Olaha [b]Shinehah, o sa [c]lupain na kung saan nanirahan si Adan, na kayo ay magnasa ng yaong patak lamang, at pabayaan ang mas mabibigat na bagay?

9 Samakatwid, magtungo rito sa lupain ng aking mga tao, maging sa Sion.

10 Maging [a]matapat sa maliliit

**117** 4*a* D at T 104:14.
5*a* D at T 104:78.
6*a* Gawa 17:26; 1 Ne. 17:36–39.
7*a* Is. 35:1; D at T 49:24–25.
8*a* D at T 116:1. GBK Adan-ondi-Ahman.
*b* Abr. 3:13.
*c* GBK Eden.
10*a* Mat. 25:23.

na bagay ang aking tagapag-
lingkod na si William Marks, at
siya ay magiging tagapamahala
sa marami. Siya ay mamumuno
sa gitna ng aking mga tao sa
lunsod ng Far West, at siya ay
pagpapalain ng mga pagpapala
ng aking mga tao.
11 Ikahiya ni Newel K. Whit-
ney ang pangkat ng mga [a]Nico-
laitane at ng lahat ng kanilang
[b]lihim na karumal-dumal na
gawain, at ng lahat ng kanyang
kaliitan ng kaluluwa sa hara-
pan ko, wika ng Panginoon, at
magtungo sa lupain ng Adan-
ondi-Ahman, at maging isang
[c]obispo sa aking mga tao, wika
ng Panginoon, hindi sa panga-
lan kundi sa gawa, wika ng Pa-
nginoon.
12 At muli, sinasabi ko sa inyo,
naaalaala ko ang aking tagapag-
lingkod na si [a]Oliver Granger;
masdan, katotohanang sinasabi
ko sa kanya na ang kanyang pa-
ngalan ay mapapasama sa ba-
nal na pag-aalaala sa bawat sa-
li't salinlahi, magpakailanman
at walang katapusan, wika ng
Panginoon.
13 Samakatwid, masigasig si-
yang makipaglaban sa pagtu-
bos ng Unang Panguluhan ng
aking Simbahan, wika ng Pa-
nginoon; at kapag siya ay bu-
magsak siya ay babangong
muli, sapagkat ang kanyang
[a]hain ay mas banal sa akin kay-
sa sa kanyang yaman, wika ng
Panginoon.
14 Samakatwid, magtungo siya
kaagad dito, sa lupain ng Sion;
at sa tamang panahon siya ay
gagawing mangangalakal sa
aking pangalan, wika ng Pa-
nginoon, para sa kapakanan ng
aking mga tao.
15 Samakatwid walang sinu-
mang hahamak sa aking taga-
paglingkod na si Oliver Granger,
bagkus ang mga pagpapala ng
aking mga tao ay mapasakanya
magpakailanman at walang ka-
tapusan.
16 At muli, katotohanang sina-
sabi ko sa inyo, aalalahanin ng
lahat ng aking tagapaglingkod
sa lupain ng Kirtland ang Pa-
nginoon nilang Diyos, at gayon
din ng aking bahay, pangalaga-
an at panatilihin itong banal, at
palayasin ang mga mamamalit
ng salapi sa aking takdang pa-
nahon, wika ng Panginoon. Ma-
ging gayon nga. Amen.

## BAHAGI 118

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Far West, Missouri, ika-8 ng Hulyo 1838, bilang kasagutan sa pagsamo: "Ipakita mo sa amin ang inyong kalooban, O Panginoon, hinggil sa Labindalawa" (*History of the Church, *3:46).*

11*a* Apoc. 2:6, 15.
*b* GBK Lihim na Pagsasabwatan, Mga.
*c* GBK Obispo.
12*a* IE ang katiwalang iniwan ng Propeta upang isaayos ang kanyang mga alalahanin sa Kirtland.
13*a* GBK Hain.

*1–3, Ang Panginoon ang tutustos para sa mga mag-anak ng Labindalawa; 4–6, Ang mga puwang sa Labindalawa ay pinunan.*

KATOTOHANAN, ganito ang wika ng Panginoon: magdaos ng isang pagpupulong sa lalong madaling panahon; isaayos ang Labindalawa; at magtalaga ng mga taong [a]pupuno sa mga lugar ng mga yaong bumagsak.
2 Mananatili ang aking tagapaglingkod na si [a]Thomas ng maikling panahon sa lupain ng Sion, upang ipahayag ang aking salita.
3 Ang nalalabi ay patuloy na mangaral mula sa oras na yaon, at kung gagawin nila ito nang buong kababaan ng puso, sa kaamuan at [a]kapakumbabaan, at [b]mahabang pagtitiis, ako, ang Panginoon, ay nagbibigay sa kanila ng isang pangako na ako ang tutustos para sa kanilang mga mag-anak; at isang mapakikinabangang pintuan ang mabubuksan para sa kanila, mula ngayon.
4 At sa susunod na tagsibol humayo sila patungo sa ibayo ng malalaking tubig, at doon ipahayag ang aking ebanghelyo, ang kabuuan nito, at magbigay ng patotoo sa aking pangalan.
5 Iwanan nila ang aking mga banal sa lunsod ng Far West, sa ikadalawampu't anim ng Abril na susunod, sa pagtatayuan ng aking bahay, wika ng Panginoon.
6 Ang aking tagapaglingkod na si John Taylor, at gayon din ang aking tagapaglingkod na si John E. Page, at gayon din ang aking tagapaglingkod na si Wilford Woodruff, at gayon din ang aking tagapaglingkod na si Willard Richards, ay italaga upang punan ang mga lugar ng mga yaong bumagsak, at opisyal na ipagbigay-alam ang kanilang pagkakatalaga.

## BAHAGI 119

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Far West, Missouri, ika-8 ng Hulyo 1838, bilang kasagutan sa kanyang pagsusumamo: "O Panginoon! Ipakita ninyo sa inyong tagapaglingkod kung gaano ang inyong kakailanganin sa mga ari-arian ng inyong mga tao para sa ikapu" (*History of the Church, *3:44). Ang batas ng ikapu, gaya ng pagkakaunawa ngayon, ay hindi pa ibinibigay sa Simbahan bago pa sa paghahayag na ito. Ang salitang* ikapu *sa panalanging nabanggit at sa mga naunang paghahayag (64:23; 85:3; 97:11) ay hindi nangangahulugan ng ikasampung bahagi lamang, subalit lahat ng bukal sa loob na*

**118** 1*a* Gawa 1:13, 16–17, 22–26.
2*a* GBK Marsh, Thomas B.
3*a* GBK Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba.
*b* GBK Makapagtiis.

*mga handog, o abuloy, para sa pondo ng Simbahan. Ang Panginoon ay nagbigay na noong una pa sa Simbahan ng batas ng paglalaan at pangangasiwa ng ari-arian, kung saan ang mga kasapi (karamihan ay mga pangunahing elder) ay pumasok sa pamamagitan ng isang tipan na magiging walang katapusan. Dahil sa kabiguan ng marami na masunod ang tipang ito, kinuha ito ng Panginoon pansamantala at sa halip ay ibinigay ang batas ng ikapu sa buong Simbahan. Tinanong ng Propeta ang Panginoon kung gaano sa kanilang ari-arian ang kakailanganin para sa mga banal na layunin. Ang paghahayag na ito ang kasagutan.*

---

*1–5, Ang mga Banal ay magbabayad ng kanilang labis na ari-arian at pagkatapos ay magbibigay, bilang ikapu, ng ikasampung bahagi ng kanilang tubo taun-taon; 6–7, Ang pamamaraang ito ay magpapabanal sa lupain ng Sion.*

KATOTOHANAN, ganito ang wika ng Panginoon, kinakailangan ko ang lahat ng kanilang [a]labis na ari-arian upang ilagay sa mga kamay ng obispo ng aking simbahan sa Sion,
2 Para sa pagtatayo ng aking [a]bahay, at para sa pagtatatag ng saligan ng Sion at para sa pagkasaserdote, at para sa mga pagkakautang ng Panguluhan ng aking Simbahan.
3 At ito ang magiging pasimula ng pagbibigay ng [a]ikapu ng aking mga tao.
4 At pagkatapos nito, yaong mga hiningan ng ikapu ay magbabayad ng ikasampung bahagi ng lahat ng kanilang tinubo taun-taon; at ito ay mananatiling batas sa kanila magpakailanman, para sa aking banal na pagkasaserdote, wika ng Panginoon.
5 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, ito ay mangyayari na ang lahat ng yaong natitipon sa lupain ng [a]Sion ay hihingan ng ikapu ng kanilang labis na ari-arian, at tutuparin ang batas na ito, o sila ay hindi masusumpungang karapat-dapat na mamalagi sa inyo.
6 At sinasabi ko sa inyo, kung ang aking mga tao ay hindi susunod sa batas na ito, na pananatilihin itong banal, at sa pamamagitan ng batas na ito gawing banal ang lupain ng [a]Sion sa akin, nang ang aking mga batas at ang aking mga paghuhukom ay mapanatili roon, nang ito ay maging lubos na banal, masdan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, ito ay hindi magiging lupain ng Sion sa inyo.
7 At ito ay magiging isang halimbawa sa lahat ng [a]istaka ng Sion. Maging gayon nga. Amen.

---

**119** 1*a* D at T 42:33–34, 55; 51:13; 82:17–19.
2*a* D at T 115:8.
3*a* Mal. 3:8–12; D at T 64:23. GBK Ikapu.
5*a* D at T 57:2–3.
6*a* GBK Sion.
7*a* GBK Istaka.

## BAHAGI 120

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Far West, Missouri, ika-8 ng Hulyo 1838, ipinaaalam ang pamamahagi ng mga ari-ariang ibinigay bilang ikapu gaya ng binanggit sa naunang paghahayag, bahagi 119 (*History of the Church, *3:44).*

KATOTOHANAN, ganito ang wika ng Panginoon, dumating na ang panahon, na [a]ito ay ipamamahagi sa pamamagitan ng isang kapulungan, na binubuo ng Unang Panguluhan ng aking Simbahan, at ng obispo at ng kanyang kapulungan, at ng aking mataas na kapulungan; at ng sarili kong tinig sa kanila, wika ng Panginoon. Maging gayon nga. Amen.

## BAHAGI 121

*Panalangin at mga propesiyang isinulat ni Joseph Smith, ang Propeta, habang siya ay isang bilanggo sa piitan sa Liberty, Missouri, petsa ika-20 ng Marso 1839 (*History of the Church, *3:289–300). Ang Propeta at ilang kasamahan ay nanatili ng ilang buwan sa piitan. Ang kanilang mga kahilingan at pag-aapela sa mga tagapangasiwang pinuno at ang hukuman ay nabigong magbigay sa kanila ng tulong.*

*1–6, Ang Propeta ay nagsumamo sa Panginoon para sa mga nagdurusang Banal; 7–10, Ang Panginoon ay nangusap ng kapayapaan sa kanya; 11–17, Sumpain ang sa lahat ng yaong nagtataas ng mga maling paratang ng pagkakasala laban sa mga tao ng Panginoon; 18–25, Sila ay hindi magkakaroon ng karapatan sa pagkasaserdote at sila ay mapapahamak; 26–32, Maluwalhating mga paghahayag ang ipinangako sa mga yaong magiting na nagtitiis; 33–40, Bakit maraming tinatawag at kaunti ang napipili; 41–46, Ang pagkasaserdote ay nararapat na gamitin lamang sa kabutihan.*

O DIYOS, nasaan kayo? At nasaan ang pabilyon na tumatakip sa inyong [a]pinagkukublihang lugar?
2 [a]Hanggang kailan pipigilan ang inyong kamay, at ang inyong mga mata, oo ang inyong dalisay na mata, ay mamasdan mula sa walang hanggang kalangitan ang mga kaapihan ng inyong mga tao at ng inyong mga tagapaglingkod, at marinig ng inyong mga tainga ang kanilang mga iyak?
3 Oo, O Panginoon, [a]hanggang kailan sila magdurusa sa mga kaapihang ito at hindi makatarungang kalupitan, bago

**120** 1*a* IE ikapu.
**121** 1*a* Awit 13:1–2; 102:1–2.
2*a* Hab. 1:2.
3*a* D at T 109:49.

ang inyong puso ay lumambot
para sa kanila, at ang inyong
kalooban ay maantig sa habag
para sa kanila?
4 O Panginoong Diyos na Pi-
nakamakapangyarihan, tagalik-
ha ng langit, lupa, at mga dagat,
at ng lahat ng bagay na naroroon,
at may kapangyarihan at pinai-
ilalim ang diyablo, at sa madilim
at makasalanang nasasakupan
ng Sheol—iunat ang inyong ka-
may; palagusin ang inyong mga
mata; kuning paitaas ang in-
yong pabilyon; ang inyong [a]pi-
nagkukublihang lugar ay hu-
wag nang muling takpan; ang
inyong mga tainga ay kumiling;
ang inyong puso ay palambutin,
at ang inyong kalooban ay ma-
antig sa habag para sa amin.
5 Ang inyong galit ay pasikla-
bin laban sa aming mga kaa-
way; at, sa matinding galit ng
inyong puso, sa pamamagitan
ng inyong espada ay [a]ipaghi-
ganti kami sa aming kaapihan.
6 Alalahanin ang inyong mga
nagdurusang banal, O aming
Diyos; at ang inyong mga taga-
paglingkod ay magsasaya sa
inyong pangalan magpakailan-
man.
7 Aking anak, kapayapaan
ay mapasaiyong kaluluwa; ang
iyong [a]kasawian at ang iyong
mga pagdurusa ay maikling
sandali na lamang;
8 At muli, kung ito ay iyong
[a]pagtitiisang mabuti, ang Diyos
ay dadakilain ka sa itaas; ikaw
ay magtatagumpay sa lahat ng
iyong mga kaaway.
9 Ang iyong mga [a]kaibigan ay
nakatayo sa iyong tabi, at ikaw
ay kanilang muling ipagbubun-
yi nang may maiinit na puso at
magigiliw na kamay.
10 Ikaw ay hindi pa katulad ni
[a]Job; ang iyong mga kaibigan
ay hindi nakikipagtalo sa iyo,
ni pinagbibintangan ka na nag-
kasala, gaya ng kanilang gina-
wa kay Job.
11 At sila na nagbibintang sa
iyo ng pagkakasala, ang kani-
lang pag-asa ay pasasabugin,
at ang kanilang mga inaasam-
asam ay matutunaw tulad ng
pagkakatunaw ng [a]namumuong
hamog sa nagliliyab na mga
sinag ng sumisikat na araw;
12 At gayon din ang Diyos ay
naglagay ng kanyang kamay at
tatak upang baguhin ang mga
[a]panahon at ang mga sandali,
at bulagin ang kanilang mga isi-
pan, upang kanilang hindi ma-
unawaan ang kanyang kagila-
gilalas na mga ginagawa; upang
kanya rin silang masubok at
mahuli sila sa kanilang sariling
katusuhan;
13 Dahil din ang kanilang mga
puso ay tiwali, at ang mga ba-
gay na handa nilang ipataw sa
iba, at ibig na ang iba ay mag-
dusa, ay sasapit sa [a]kanila hang-
gang sukdulan;
14 Nang sila rin ay mabigo, at
ang kanilang mga pag-asa ay
masiphayo;

4*a* D at T 123:6.
5*a* Lu. 18:7–8.
7*a* GBK Pagdurusa.
8*a* 1 Ped. 2:19–23.
GBK Makapagtiis.
9*a* D at T 122:3.
10*a* GBK Job.
11*a* Ex. 16:14.
12*a* Dan. 2:21.
13*a* Kaw. 28:10;
1 Ne. 14:3.

15 At hindi bibilang ng maraming taon mula ngayon, na sila at ang kanilang angkan ay wawalisin sa silong ng langit, wika ng Diyos, na wala ni isa sa kanila ang maiiwang nakatayo sa may dingding.

16 Sumpain ang lahat ng yaon na magtataas ng sakong laban sa aking [a]hinirang, wika ng Panginoon, at sumisigaw na sila ay nagkasala kahit na hindi sila [b]nagkasala sa aking harapan, wika ng Panginoon, kundi ginawa ang yaong nararapat sa aking mga paningin, at yaong aking iniutos sa kanila.

17 Subalit yaong mga sumisigaw ng pagkakasala ay ginagawa ito sapagkat sila ay mga tagapaglingkod ng kasalanan, at sila na rin ay mga [a]anak ng pagsuway.

18 At yaong mga sumusumpa nang mali laban sa aking mga tagapaglingkod, upang kanila silang madala sa pagkaalipin at kamatayan—

19 Sa aba nila; sapagkat kanilang [a]inapi ang aking maliliit na anak sila ay puputulin sa mga [b]ordenansa ng aking bahay.

20 Ang kanilang mga [a]buslo ay hindi mapupuno, ang kanilang mga bahay at ang kanilang mga kamalig ay mawawala, at sila na rin ay kasusuklaman ng mga yaong humibok sa kanila.

21 Sila ay hindi magkakaroon ng karapatan sa [a]pagkasaserdote, ni ang kanilang angkan na susunod sa kanila sa bawat sali't salinlahi.

22 [a]Higit na mabuti pa sa kanila kung isang malaking gilingan ang ibinitin sa kanilang mga leeg, at sila ay nalunod sa kalaliman ng dagat.

23 Sa aba sa lahat ng yaong nagpapahirap sa aking mga tao, at nagtataboy, at pumapaslang, at nagpapatotoo laban sa kanila, wika ng Panginoon ng mga Hukbo; ang isang [a]salinlahi ng mga ulupong ay hindi makatatakas sa kaparusahan ng impiyerno.

24 Masdan, ang aking mga mata ay nakikita at nalalaman ang lahat ng kanilang mga gawa, at ako ay may nakalaang isang mabilis na [a]paghahatol sa sandaling yaon, para sa kanilang lahat;

25 Sapagkat may [a]panahong nakatakda sa bawat tao, alinsunod sa kanyang mga magiging [b]gawain.

26 Ang Diyos ay magbibigay sa iyo ng [a]kaalaman sa pamamagitan ng kanyang [b]Banal na Espiritu, oo, sa pamamagitan ng hindi masambit na [c]kaloob

16*a* 1 Sam. 26:9; Awit 105:15.
*b* 2 Ne. 15:20; Moro. 7:14, 18.
17*a* Ef. 5:6.
19*a* Mat. 18:6. GBK Makasakit.
*b* GBK Ordenansa, Mga.
20*a* Deut. 28:15–20.
21*a* GBK Pagkasaserdote.
22*a* Mat. 18:6; D at T 54:5.
23*a* Mat. 12:34.
24*a* Hel. 8:25. GBK Hatol, Paghatol.
25*a* Job 7:1; D at T 122:9.
*b* GBK Gawa, Mga.
26*a* Dan. 2:20–22; S ng P 1:9. GBK Paghahayag.
*b* D at T 8:2–3.
*c* GBK Kaloob na Espiritu Santo.

na Espiritu Santo, na hindi pa naipahahayag simula pa ng pagkakatatag ng daigdig hanggang sa ngayon;
27 Na siyang hinintay ng ating mga ninuno nang may pananabik na pag-aasam na ipahahayag sa huling pagkakataon, kung saan itinuro ng mga anghel ang kanilang mga isipan, na inilaan para sa kaganapan ng kanilang kaluwalhatian;
28 Isang panahong darating na kung saan [a]walang anumang bagay ang ipagkakait, kung mayroon ngang isang Diyos o maraming [b]diyos, ang mga ito ay ipaaalam.
29 Lahat ng luklukan at nasasakupan, mga pamunuan at kapangyarihan, ay [a]ipahahayag at ipagkakaloob sa lahat ng magiting na nagtiis para sa ebanghelyo ni Jesucristo.
30 At gayon din, kung may mga [a]hangganang inilagay sa kalangitan o sa mga dagat, o sa tuyong lupa, o sa araw, buwan, o sa mga bituin—
31 Lahat ng panahon ng kanilang pag-ikot, lahat ng nakatakdang araw, buwan, at taon, at lahat ng araw ng kanilang mga araw, buwan, at taon, at lahat ng kanilang kaluwalhatian, batas, at itinakdang panahon, ay ipahahayag sa mga araw ng [a]dispensasyon ng kaganapan ng panahon—
32 Alinsunod sa yaong inorden sa gitna ng [a]Kapulungan ng [b]Diyos na Walang Hanggan ng lahat ng iba pang diyos bago pa ang pagkakatatag ng daigdig na ito, na ilalaan sa pagtatapos at wakas niyaon, kung kailan ang bawat tao ay makapapasok sa kanyang walang hanggang [c]kinaroroonan at sa kanyang walang kamatayang [d]kapahingahan.
33 Hanggang kailan mananatiling marumi ang mga umaagos na tubig? Anong kapangyarihan ang pipigil sa kalangitan? Gayon din maaaring iunat ng tao ang kanyang maliit na bisig upang pigilin ang ilog ng Missouri sa kanyang nakatalagang daan, o ibaling ang daloy nitong paitaas, upang hadlangan ang Pinakamakapangyarihan sa pagbubuhos ng [a]kaalaman mula sa langit sa mga ulo ng mga Banal sa mga Huling Araw.
34 Masdan, marami ang [a]tinawag, subalit iilan ang [b]napili. At bakit sila hindi napili?
35 Sapagkat ang kanilang mga puso ay labis na nakatuon sa

28*a* D at T 42:61; 76:7–8; 98:12.
*b* Awit 82:1, 6; Juan 10:34–36; 1 Cor. 8:5–6; D at T 76:58; 132:20; Abr. 4:1; 5:1–2.
29*a* D at T 101:32.
30*a* Job 26:7–14; Awit 104:5–9; Gawa 17:26.
31*a* GBK Dispensasyon.
32*a* GBK Kapulungan sa Langit.
*b* Deut. 10:17.
*c* GBK Tao, Mga Tao—Tao, may kakayahang maging katulad ng Ama sa Langit.
*d* GBK Kapahingahan.
33*a* D at T 128:19. GBK Kaalaman.
34*a* Mat. 20:16; 22:1–14; D at T 95:5–6. GBK Tawag, Tinawag ng Diyos, Pagkakatawag.
*b* GBK Pinili.

mga bagay ng [a]daigdig na ito, at naghahangad ng mga [b]parangal ng tao, kaya hindi nila natutuhan ang isang aral na ito—

36 Na ang mga [a]karapatan ng pagkasaserdote ay may di mapaghihiwalay na kaugnayan sa mga [b]kapangyarihan ng langit, at na ang kapangyarihan ng langit ay hindi mapamamahalaan ni mahahawakan tanging alinsunod lamang sa mga alituntunin ng [c]kabutihan.

37 Na ito ay maaaring igawad sa atin, ito ay totoo; subalit kung ating tatangkaing [a]pagtakpan ang ating mga [b]kasalanan, o bigyang-kasiyahan ang ating [c]kapalaluan, ang ating walang kabuluhang adhikain, o gumamit ng lakas o kapangyarihan o pamimilit sa mga kaluluwa ng mga anak ng tao, sa alinmang antas ng kasamaan, masdan, ang kalangitan ay [d]lalayo; ang Espiritu ng Panginoon ay magdadalamhati; at kapag ito ay lumayo, Amen sa pagkasaserdote o sa kapangyarihan ng taong iyon.

38 Masdan, bago niya mabatid, siya ay naiwan sa kanyang sarili, upang [a]sumikad sa mga tinik, upang [b]usigin ang mga banal, at lumaban sa Diyos.

39 Ating natutuhan sa pamamagitan ng nakalulungkot na karanasan na [a]likas at kaugalian ng halos lahat ng tao, matapos silang makatamo ng kaunting kapangyarihan, sa inaakala nila, kaagad silang magsisimulang gumamit ng di makatwirang pamamahala.

40 Kaya nga marami ang tinawag, subalit iilan ang napili.

41 Walang kapangyarihan o impluwensiya na maaari o nararapat na panatilihin sa pamamagitan ng kabanalan ng pagkasaserdote, tanging sa pamamagitan lamang ng [a]paghihikayat, ng [b]mahabang pagtitiis, ng kahinahunan at kaamuan, at ng hindi pakunwaring pag-ibig;

42 Sa pamamagitan ng kabaitan, at dalisay na kaalaman, na siyang lubos na magpapalaki ng kaluluwa nang [a]walang pagkukunwari, at [b]walang pandaraya—

43 [a]Pagsabihan sa tamang pagkakataon nang may kataliman, kapag pinakikilos ng Espiritu Santo; at pagkatapos ay magpakita ng ibayong [b]pagmamahal sa kanya na iyong pinagsabihan, at baka ka niya ituring na kaaway;

44 Upang kanyang malaman na ang iyong katapatan ay higit na matibay kaysa sa mga gapos ng kamatayan.

45 Punuin din ang iyong si-

35*a* GBK Kamunduhan.
*b* Mat. 6:2; 2 Ne. 26:29.
36*a* GBK Pagkasaserdote; Karapatan.
*b* GBK Kapangyarihan.
*c* GBK Matwid, Katwiran.
37*a* Kaw. 28:13.
*b* GBK Kasalanan.
*c* GBK Kapalaluan.
*d* D at T 1:33.
38*a* Gawa 9:5.
*b* GBK Usigin, Pag-uusig.
39*a* GBK Likas na Tao.
41*a* 1 Ped. 5:1–3.
*b* 2 Cor. 6:4–6.
42*a* Sant. 3:17.
*b* GBK Pandaraya.
43*a* GBK Parusa, Pagpaparusa.
*b* GBK Pag-ibig sa Kapwa-tao; Pagmamahal.

sidlan ng pag-ibig para sa lahat
ng tao, at sa sambahayan ng
pananampalataya, at puspusin
ng [a]kabanalan ang iyong mga
[b]iniisip nang walang humpay;
sa gayon ang iyong pagtitiwala
ay lalakas sa harapan ng Diyos;
at ang doktrina ng pagkasa-
serdote ay magpadadalisay sa
iyong kaluluwa gaya ng [c]ha-
mog mula sa langit.
46 Ang [a]Espiritu Santo ang
iyong magiging kasama sa tu-
wina, at ang iyong setro ay hin-
di nagbabagong setro ng kabu-
tihan at katotohanan; at ang
iyong [b]pamamahala ay magi-
ging walang hanggang pama-
mahala, at sa walang sapilitang
pamamaraan ito ay dadaloy sa
iyo magpakailanman at walang
katapusan.

## BAHAGI 122

*Ang salita ng Panginoon kay Joseph Smith, ang Propeta, habang siya ay isang bilanggo sa piitan sa Liberty, Missouri, Marso 1839 (*History of the Church, *3:300–301).*

*1–4, Ang mga dulo ng mundo ay magtatanong tungkol sa pangalan ni Joseph Smith; 5–7, Lahat ng kanyang mga panganib at pagdurusa ay magbibigay sa kanya ng karanasan at para sa kanyang ikabubuti; 8–9, Ang Anak ng Tao ay nagpakababa-baba sa kanilang lahat.*

ANG mga dulo ng mundo ay
magtatanong tungkol sa
iyong [a]pangalan, at ang mga
hangal ay ilalagay ka sa panu-
nuya, at ang impiyerno ay sisi-
lakbo ang galit laban sa iyo;
2 Samantalang ang dalisay ang
puso, at ang marurunong, at ang
mararangal, at ang malilinis, ay
maghahangad ng [a]payo, at ka-
pangyarihan, at mga pagpapala
tuwina mula sa iyong kamay.
3 At ang iyong mga tao ay hin-
di kailanman tatalikod sa iyo
dahil sa patotoo ng mga taksil.
4 At bagaman ang kanilang ka-
pangyarihan ay magdadala sa
iyo sa pagkaligalig, at sa mga
rehas at pader, ikaw ay parara-
ngalan; at sumandaling [a]pana-
hon na lamang at ang iyong ti-
nig ay magiging higit na naka-
sisindak sa gitna ng iyong mga
kaaway kaysa sa mabangis na
[b]leon, dahil sa iyong kabutihan;
at ang iyong Diyos ay tatayo sa
iyong tabi magpakailanman at
walang katapusan.
5 Kung ikaw ay tinawag upang
dumanas ng pagdurusa; kung
ikaw ay nasa mga panganib ka-
sama ng mga bulaang kapatid;
kung ikaw ay nasa mga panga-
nib kasama ng mga manloloob;
kung ikaw ay nasa mga panga-
nib sa lupa o sa dagat;

45*a* GBK Kabaitan.
*b* GBK Pag-iisip, Mga.
*c* Deut. 32:1–2; D at T 128:19.
46*a* GBK Espiritu Santo.
*b* Dan. 7:13–14.
**122** 1*a* JS—K 1:33.
2*a* GBK Payo.
4*a* D at T 121:7–8.
*b* 3 Ne. 20:16–21; 21:12.

6 Kung ikaw ay pinaratangan
ng lahat ng uri ng maling pag-
paparatang; kung ang iyong
mga kaaway ay dadaluhong sa
iyo; kung ikaw ay kanilang ba-
batakin mula sa piling ng iyong
ama at ina at mga kapatid; at
kung sa pamamagitan ng isang
hinugot na espada ikaw ay ba-
batakin ng iyong mga kaaway
mula sa piling ng iyong asawa,
at ng iyong anak, at ng iyong
nakatatandang anak na lalaki,
bagaman siya ay anim na taong
gulang pa lamang, kakapit sa
iyong kasuotan, at sasabihing,
Ama ko, ama ko, bakit hindi ka
maaaring manatili sa amin? O,
ama ko, ano ang gagawin ng
mga tao sa iyo? at kung siya ay
ihihiwalay sa iyo sa pamamagi-
tan ng espada, at ikaw ay kaka-
ladkarin sa bilangguan, at ang
iyong mga kaaway ay aaligid
sa iyo gaya ng mga [a]lobo para
sa dugo ng tupa;
7 At kung ikaw ay itatapon sa
hukay, o sa mga kamay ng mga
mamamatay-tao, at ang kaha-
tulan ng kamatayan ay ihaha-
tol sa iyo; kung ikaw ay itapon
sa [a]kalaliman; kung ang duma-
daluyong na alon ay magkaisa
laban sa iyo; kung ang malakas
na hangin ay iyong maging ka-
away; kung ang kalangitan ay
magtipon ng kadiliman, at ang
lahat ng elemento ay magsama-
sama upang harangan ang daan;
at higit sa lahat, kung ang pina-
kapanga ng [b]impiyerno ay ibu-
buka nang malaki ang bibig sa
iyo, alamin mo, aking anak, na
ang lahat ng bagay na ito ay
magbibigay sa iyo ng [c]karana-
san, at para sa iyong ikabubuti.
8 Ang [a]Anak ng Tao ay [b]nag-
pakababa-baba sa kanilang la-
hat. Ikaw ba'y nakahihigit sa
kanya?
9 Samakatwid, maging mata-
tag sa iyong landas, at ang pag-
kasaserdote ay [a]mananatili sa
iyo; sapagkat ang kanilang
[b]hangganan ay nakatakda, sila
ay hindi makararaan. Ang iyong
mga [c]araw ay nababatid, at ang
iyong mga taon ay hindi naba-
bawasan ng bilang; kaya nga,
huwag [d]katakutan ang nagaga-
wa ng tao, sapagkat ang Diyos
ay kasama mo magpakailanman
at walang katapusan.

## BAHAGI 123

*Tungkulin ng mga Banal kaugnay sa kanilang mga taga-usig, ayon sa ibinigay ni Joseph Smith, ang Propeta, habang isang bilanggo sa piitan sa Liberty, Missouri, Marso 1839 (*History of the Church, *3:302–303).*

6*a* Lu. 10:3.
7*a* Jon. 2:3–6.
*b* 2 Sam. 22:5–7; JS—K 1:15–16.
*c* 2 Cor. 4:17; Heb. 12:10–11; 2 Ne. 2:11.
8*a* GBK Anak ng Tao.
*b* Heb. 2:9, 17–18; D at T 76:107; 88:6.
9*a* D at T 90:3.
*b* Gawa. 17:26.
*c* D at T 121:25.
*d* Neh. 4:14; Awit 56:4; 118:6; Kaw. 3:5–6; Is. 51:7; Lu. 12:4–5; 2 Ne. 8:7; D at T 3:7; 98:14.

*1–6, Ang mga Banal ay nararapat na magtipon at maglathala ng isang ulat ng kanilang mga pagdurusa at pag-uusig; 7–10, Ang yaon ding espiritu na naglathala ng mga maling doktrina ang siya ring nagdala sa pag-uusig sa mga Banal; 11–17, Marami sa lahat ng sekta ang tatanggap pa ng katotohanan.*

AT muli, aming iminumungkahi para sa inyong pagsasaalang-alang ang kaangkupan ng pagtitipon ng mga banal ng kaalaman ng tunay na pangyayari, at mga pagdurusa at pagmamalabis na ginawa sa kanila ng mga tao ng Estadong ito;
2 At gayon din ang lahat ng ari-arian at halaga ng mga pinsalang kanilang dinanas, kapwa sa kanilang pagkatao at kapinsalaan sa kanilang sarili, gayon din sa kanilang ari-arian;
3 At gayon din ang mga pangalan ng lahat ng taong may kinalaman sa kanilang mga kaapihan, sa abot ng kanilang makakayang matamo ang mga ito at makilala sila.
4 At marahil isang lupon ang maaaring italaga upang alamin ang mga bagay na ito, at kumuha ng mga salaysay at sinumpaang pahayag; at ipunin din ang mga mapanirang-puring lathalaing kumakalat;
5 At lahat ng yaong nasa mga magasin, at sa mga ensiklopedya, at lahat ng mapanirang-puring kasaysayan na inilathala, at mga isinusulat, at sa pamamagitan nino, at iharap ang kabuuan ng napakatampalasan at napakasama at nakamamatay na pagsasamantalang ginawa sa mga taong ito—
6 Upang hindi lamang natin mailathala sa buong daigdig, kundi iharap ang mga ito sa mga pinuno ng pamahalaan sa lahat ng kanilang maitim at mala-impiyernong kulay, bilang huling gawaing ipinag-utos sa atin ng ating Ama sa Langit, bago natin ganap at lubusang maangkin ang yaong pangako na tatawag sa kanya mula sa kanyang [a]pinagkukublihang lugar; at gayon din nang ang buong bansa ay mawalan ng dahilan bago niya maipakita ang lakas ng kanyang makapangyarihang bisig.
7 Ito ay isang mahalagang tungkulin na utang natin sa Diyos, sa mga anghel, na kung kanino tayo dadalhin upang tumayo, at gayon din sa ating sarili, sa ating mga asawa at anak, na ginawang payukuin sa pighati, lungkot, at pag-aalala, sa ilalim ng kasumpa-sumpang kamay ng pagpaslang, paniniil, at pang-aapi, itinaguyod at hinimok at pinagtibay sa pamamagitan ng impluwensiya ng yaong espiritu na matibay na nagpako ng mga doktrina ng mga ama, na nagmana ng mga kasinungalingan, sa mga puso ng mga anak, at pinuspos ang mundo ng kalituhan, at tumitibay nang tumitibay, at siya ngayong pinakaugat ng lahat ng ka-

**123** 6*a* D at T 101:89; 121:1, 4.

tiwalian, at ang buong [a]mundo
ay dumaraing sa ilalim ng bigat
ng pagkakasalang ito.
8 Ito ay isang bakal na [a]pama-
tok, ito ay isang matibay na
panggapos; ang mga ito ay
mga yaong posas, at tanikala,
at gapos, at mga pataw ng im-
piyerno.
9 Samakatwid ito ay isang ma-
halagang tungkulin na utang
natin, hindi lamang sa sarili na-
ting mga asawa at anak, kundi
gayon din sa mga balo at ulila
sa ama, na ang mga asawa at
ama ay [a]pinaslang sa ilalim ng
kamay na bakal nito;
10 Na ang madilim at nagpa-
paitim na mga gawa ay sapat
upang ang impiyerno na rin ay
mangatog, at mangilabot at ma-
mutla, at ang mga kamay na rin
ng diyablo ay mayanig at ma-
nginig.
11 At gayon din ito ay isang
mahalagang tungkulin na utang
natin sa lahat ng sumisibol na
salinlahi, at sa lahat ng may da-
lisay na puso—
12 Sapagkat marami pa sa
mundo sa lahat ng pangkat, gru-
po, at sekta, na [a]binubulag ng
pandaraya ng mga tao, kung
saan sila ay naghihintay upang
manlinlang, at na napagkakai-
tan lamang ng katotohanan sa-
pagkat hindi nila [b]alam kung
saan ito matatagpuan—
13 Samakatwid, na ating gugu-
lin at ilaan ang ating buhay sa
pagdadala sa liwanag ng lahat
ng [a]nakukubling bagay ng kadi-
liman, na alam natin ang mga
ito; at ang mga yaon ay tunay
na ipinakikita mula sa langit—
14 Ang mga ito ay nararapat
na asikasuhin nang may ganap
na pagsusumikap.
15 Huwag ituring na maliit na
bagay ang mga ito ng sinumang
tao; sapagkat marami pang nag-
hihintay sa hinaharap, na may
kinalaman sa mga banal, na na-
kasalalay sa mga bagay na ito.
16 Nalalaman ninyo, mga ka-
patid, na ang isang malaking
sasakyang-dagat ay labis na [a]na-
tutulungan ng isang napakaliit
na timon sa oras ng bagyo, sa
pamamagitan ng paggamit nito
nang naaayon sa hangin at mga
alon.
17 Samakatwid, mga minama-
hal na kapatid, ating [a]malugod
na gawin ang lahat ng bagay sa
abot ng ating makakaya; at pag-
katapos nawa tayo ay makata-
yong hindi natitinag, na may lu-
bos na katiyakan, na makita ang
[b]pagliligtas ng Diyos, at upang
ang kanyang bisig ay maipaha-
yag.

## BAHAGI 124

*Paghahayag na ibinigay kay Joseph Smith, ang Propeta, sa Nauvoo, Illinois, ika-19 ng Enero 1841 (* History of the Church, *4:274–286). Dahil sa*

7*a* Moi. 7:48–49.
8*a* GBK Pamatok.
9*a* D at T 98:13; 124:54.
12*a* Col. 2:8; D at T 76:75.
*b* 1 Ne. 8:21–23.
13*a* 1 Cor. 4:5.
16*a* Sant. 3:4; Alma 37:6–7; D at T 64:33.
17*a* D at T 59:15.
*b* Ex. 14:13.

*dumaraming pag-uusig at labag sa batas na mga patakaran laban sa kanila ng mga pinuno ng bayan, ang mga Banal ay napilitang lisanin ang Missouri. Ang utos ng panlilipol na pinalabas ni Lilburn W. Boggs, Gobernador ng Missouri, na may petsang ika-27 ng Oktubre 1838, ay iniwan silang walang mapagpipilian (*History of the Church, *3:175). Noong 1841, nang ang paghahayag na ito ay ibinigay, ang lunsod ng Nauvoo, sumasakop sa dating kinatatayuan ng nayon ng Commerce, Illinois, ay itinayo ng mga Banal, at dito ang mga punong-tanggapan ng Simbahan ay itinatag.*

*1–14, Si Joseph Smith ay inutusang gumawa ng kapita-pitagang pagpapahayag ng ebanghelyo sa pangulo ng Estados Unidos, sa mga gobernador, at sa mga pinuno ng lahat ng bansa; 15–21, Sina Hyrum Smith, David W. Patten, Joseph Smith, Sr., at iba pa sa mga buhay at patay ay pinagpala dahil sa kanilang katapatan at mga kabaitan; 22–28, Ang mga Banal ay inutusan na magtayo maging ng isang bahay upang tuluyan ng mga dayuhan at isang templo sa Nauvoo; 29–36, Ang mga pagbibinyag para sa mga patay ay kailangang isagawa sa mga templo; 37–44, Ang mga tao ng Panginoon ay nagtatayo tuwina ng mga templo para sa pagsasagawa ng mga banal na ordenansa; 45–55, Ang mga Banal ay pinayagang hindi magtayo ng templo sa Jackson County dahil sa pagpapahirap ng kanilang mga kaaway; 56–83, Mga tagubilin ay ibinigay para sa pagtatayo ng Nauvoo House; 84–96, Si Hyrum Smith ay tinawag na maging isang patriyarka, na tatanggap sa mga susi, at tumayo sa lugar ni Oliver Cowdery; 97–122, Si William Law at ang iba pa ay pinayuhan sa kanilang mga gawain; 123–145, Mga pangkalahatan at lokal na pinuno ay tinukoy, kasama ang kanilang mga tungkulin at kinaaanibang korum.*

KATOTOHANAN, ganito ang wika ng Panginoon sa iyo, aking tagapaglingkod na Joseph Smith, ako ay labis na nalulugod sa iyong pag-aalay at mga pagpapasalamat, na iyong ginawa; sapagkat sa layong ito ikaw ay aking ibinangon, upang aking maipakita ang aking karunungan sa pamamagitan ng [a]mahihinang bagay ng mundo.
2 Ang iyong mga panalangin ay kasiya-siya sa akin; at bilang tugon sa mga yaon sinasabi ko sa iyo, na ikaw ngayon ay tinawag na gumawa agad ng kapita-pitagang pagpapahayag ng aking ebanghelyo, at ng [a]istakang ito na aking itinayo upang maging isang batong panulok ng Sion, na pakikintabin ng pagpapakinis na nahahalintulad sa isang palasyo.
3 Ang pagpapahayag na ito ay gagawin sa lahat ng [a]hari ng daigdig, sa apat na sulok nito, sa marangal na halal na pangu-

**124** 1*a* 1 Cor. 1:26–28; D at T 1:19; 35:13.
2*a* GBK Istaka.
3*a* Awit 119:46; Mat. 10:18; D at T 1:23.

lo, at sa mga mapagmataas na gobernador ng bansa kung saan kayo ay naninirahan, at sa lahat ng bansa sa mundo na nagkalat sa ibayong bansa.

4 Isulat ito sa diwa ng [a]kaamuan at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, na mapapasaiyo sa oras ng pagsusulat ng gayon din;

5 Sapagkat ibibigay sa iyo ng Espiritu Santo na malaman ang aking kalooban hinggil sa mga hari at maykapangyarihang yaon, maging kung ano ang sasapitin nila sa darating na panahon.

6 Sapagkat, masdan, ako ay malapit nang tawagin sila na tumalima sa liwanag at kaluwalhatian ng Sion, sapagkat ang takdang panahon ay dumating na upang sang-ayunan siya.

7 Tumawag ka, samakatwid, sa kanila nang may malakas na pagpapahayag, at ng iyong patotoo, hindi natatakot sa kanila, sapagkat sila ay tulad ng [a]damo, at lahat ng kanilang kabantugan ay tulad ng bulaklak niyon na kapagdaka ay malalaglag, upang sila ay maiwan ding walang maidadahilan—

8 At upang akin silang madalaw sa araw ng pagdalaw, kung kailan aking hahawiin ang tabing sa aking mukha, upang itakda ang bahagi ng nagpapahirap sa mga taong mapagkunwari, kung saan may [a]pagngangalit ng mga ngipin, kung kanilang tatanggihan ang aking mga tagapaglingkod at ang aking patotoo na aking inihayag sa kanila.

9 At muli, ako ay dadalaw at palalambutin ang kanilang mga puso, marami sa kanila para sa inyong ikabubuti, upang makatagpo kayo ng biyaya sa kanilang mga mata, upang sila ay lumapit sa [a]liwanag ng katotohanan, at ang mga Gentil sa kadakilaan o pagtataas ng Sion.

10 Sapagkat ang araw ng aking pagdalaw ay madali nang darating, sa [a]oras kung kailan hindi ninyo inaakala; at nasaan ang kaligtasan ng aking mga tao, at kublihan para sa yaong matitira sa kanila?

11 Gumising, O mga hari ng mundo! Lumapit kayo, O, lumapit kayo, kasama ng inyong ginto at inyong pilak, sa pagtulong sa aking mga tao, sa bahay ng mga anak na babae ng Sion.

12 At muli, katotohanang sinasabi ko sa iyo, ang aking tagapaglingkod na si Robert B. Thompson ay tumulong sa iyong sumulat ng pagpapahayag na ito, sapagkat ako ay labis na nalulugod sa kanya, at siya ay dapat na sumama sa iyo;

13 Gawin niya, samakatwid, na makinig sa iyong payo, at akin siyang pagpapalain nang may pagkarami-raming pagpapala; siya ay maging matapat

4*a* GBK Maamo, Kaamuan.
7*a* Awit 103:15–16; Is. 40:6–8; 1 Ped. 1:24–25.
8*a* Mat. 8:12; Alma 40:13; D at T 101:91; 112:24.
9*a* Is. 60:1–4. GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo.
10*a* Mat. 24:44; JS—M 1:48.

at tunay sa lahat ng bagay simula ngayon, at siya ay magiging dakila sa aking mga mata;
14 Subalit tandaan niya na ang kanyang [a]pangangasiwa ay aking hihingang-sulit sa kanyang mga kamay.
15 At muli, katotohanang sinasabi ko sa iyo, pinagpala ang aking tagapaglingkod na si [a]Hyrum Smith; sapagkat ako, ang Panginoon, ay minamahal siya dahil sa [b]katapatan ng kanyang puso, at dahil kanyang minamahal yaong tama sa aking harapan, wika ng Panginoon.
16 Muli, ang aking tagapaglingkod na si John C. Bennett ay tulungan ka sa iyong gawain na palaganapin ang aking salita sa mga hari at tao sa mundo, at tumindig katabi mo, maging ikaw na aking tagapaglingkod na si Joseph Smith, sa oras ng paghihirap; at ang kanyang gantimpala ay hindi mawawala kung siya ay tatanggap ng [a]payo.
17 At dahil sa kanyang pagmamahal siya ay magiging dakila, sapagkat siya ay magiging akin kung kanyang gagawin ito, wika ng Panginoon. Aking nakita ang gawa na kanyang ginawa, na aking tinatanggap kung kanyang ipagpapatuloy, at puputungan ko siya ng mga pagpapala at dakilang kaluwalhatian.
18 At muli, sinasabi ko sa iyo na aking kalooban na ang aking tagapaglingkod na si Lyman Wight ay magpatuloy sa pangangaral para sa Sion, sa diwa ng kaamuan, pinatototohanan ako sa daigdig; at akin siyang dadalhin tulad sa mga pakpak ng mga [a]agila; at siya ay magtatamo ng kaluwalhatian at karangalan para sa kanyang sarili at sa aking pangalan.
19 Na kapag kanyang natapos ang kanyang gawain maaari ko siyang tanggapin sa aking sarili, maging tulad ng ginawa ko sa aking tagapaglingkod na si [a]David Patten, na kasama ko sa panahong ito, at gayon din ang aking tagapaglingkod na si [b]Edward Partridge, at gayon din ang aking matandang tagapaglingkod na si [c]Joseph Smith, Sen., na nakaupong [d]kasama ni Abraham sa kanyang kanang kamay, at pinagpala at banal siya, sapagkat siya ay akin.
20 At muli, katotohanang sinasabi ko sa iyo, ang aking tagapaglingkod na si George Miller ay walang [a]pandaraya; siya ay maaaring pagkatiwalaan dahil sa katapatan ng kanyang puso; at dahil sa pagmamahal na mayroon siya sa aking patotoo ako, ang Panginoon, ay mahal siya.
21 Ako samakatwid ay nagsasabi sa iyo, aking pinagtitibay sa kanyang ulo ang katungku-

14*a* GBK Katiwala, Ipinagkatiwala.
15*a* GBK Smith, Hyrum.
*b* GBK Matapat, Katapatan.
16*a* GBK Payo.
18*a* Ex. 19:4; Is. 40:31.
19*a* D at T 124:130. GBK Patten, David W.
*b* GBK Partridge, Edward.
*c* GBK Smith, Joseph, Sr.
*d* D at T 137:5.
20*a* GBK Pandaraya.

lan ng [a]obispado, tulad sa aking
tagapaglingkod na si Edward
Partridge, upang kanyang ma-
tanggap ang mga paglalaan ng
aking sambahayan, upang kan-
yang mailapat ang mga pagpa-
pala sa mga ulo ng mga maralita
sa aking mga tao, wika ng Pa-
nginoon. Walang sinuman ang
hahamak sa aking tagapagling-
kod na si George, sapagkat ako
ay kanyang pararangalan.
22 Ang aking tagapaglingkod
na si George, at ang aking taga-
paglingkod na si Lyman, at ang
aking tagapaglingkod na si John
Snider, at ang iba pa, ay magta-
tayo ng [a]bahay sa aking panga-
lan, tulad ng isa na ipakikita ng
aking tagapaglingkod na si Jo-
seph sa kanila, sa lugar na kan-
ya ring ipakikita sa kanila.
23 At ito ay para sa isang ba-
hay para paupahan, isang ba-
hay na ang mga dayuhan ay
maaaring tumuloy galing sa ma-
layo upang mangupahan doon;
samakatwid gawin itong isang
mabuting bahay, karapat-dapat
sa lahat ng pagtanggap, upang
ang nangalupaypay na [a]manla-
lakbay ay maaaring magkaro-
on ng kalusugan at kaligtasan
habang kanyang pinagninilay-
nilayan ang salita ng Pangino-
on; at ang [b]batong-panulok na
aking itinakda para sa Sion.
24 Ang bahay na ito ay magi-
ging isang nakapagpapalusog
na tirahan kung ito ay itatayo
sa aking pangalan, at kung ang
gobernador na itatalaga rito ay
hindi pahihintulutan ang anu-
mang karumihan na maparito.
Ito ay magiging banal, o ang
Panginoon ninyong Diyos ay
hindi mananahanan dito.
25 At muli, katotohanang si-
nasabi ko sa iyo, ang lahat ng
aking banal ay pumarito mula
sa malayo.
26 At magpadala ka ng mabi-
bilis na sugo, oo, mga piniling
sugo, at sabihin sa kanila: Pu-
marito kayo, dala ang lahat ng
inyong ginto, at inyong pilak,
at inyong mahahalagang bato,
at lakip ang lahat ng yaong ga-
mit noong sinaunang panahon;
at lahat ng yaong may kaalaman
sa gamit noong sinaunang pana-
hon, nang lahat ng paparito, ay
maparito, at dala ang kahong-
puno, at ang puno ng fir, at ang
puno ng pino, kasama ang lahat
ng mahalagang puno ng lupa;
27 At may bakal, may tumba-
ga, at may tanso, at may zinc, at
lahat ng mahalagang bagay ng
lupa; at magtayo ng [a]bahay sa
aking pangalan, para sa Kataas-
taasan upang [b]manahanan doon.
28 Dahil walang dako na ma-
tatagpuan sa mundo na siya ay
maaaring magtungo at [a]ibalik
muli yaong nawala sa inyo, o
yaong kanyang kinuha, maging
ang kaganapan ng pagkasaser-
dote.
29 Dahil ang [a]lugar na pinag-

21*a* D at T 41:9.
GBK Obispo.
22*a* D at T 124:56–60.
23*a* Deut. 31:12;
Mat. 25:35, 38.
*b* D at T 124:2.
27*a* D at T 109:5.
GBK Templo, Bahay
ng Panginoon.
*b* Ex. 25:8;
D at T 97:15–17.
28*a* GBK Pagpapanumba-
lik ng Ebanghelyo.
29*a* D at T 128:13.

bibinyagan ay wala sa mundo,
na sila, aking mga banal, ay maaaring [b]binyagan para sa yaong
mga patay—
30 Sapagkat ang ordenansang
ito ay nabibilang sa aking bahay, at hindi ko maaaring matanggap, sa mga araw lamang
ng inyong karalitaan, kung saan
hindi kayo maaaring makapagtayo ng bahay para sa akin.
31 Subalit iniuutos ko sa inyo,
lahat kayong aking mga banal,
na [a]magtayo ng bahay para sa
akin; at pinagkalooban ko kayo
ng sapat na panahon upang
magtayo ng bahay para sa akin;
at sa panahong ito ang inyong
mga pagbibinyag ay matatanggap ko.
32 Subalit masdan, sa katapusan ng tipanang ito ang inyong
mga pagbibinyag para sa inyong mga patay ay hindi ko na
matatanggap; at kung hindi
ninyo gagawin ang mga bagay
na ito sa katapusan ng tipanan
kayo ay hindi tatanggapin bilang isang simbahan, kasama ng
inyong mga patay, wika ng Panginoon ninyong Diyos.
33 Sapagkat katotohanang sinasabi ko sa inyo, na pagkaraang kayo ay may sapat nang
panahon upang makapagtayo
ng bahay sa akin, kung saan
ang ordenansa ng pagbibinyag
para sa mga patay ay nabibilang, at kung paano ang gayon
din ay itinatag bago pa sa pagkakatatag ng daigdig, ang inyong mga pagbibinyag para sa
inyong mga patay ay hindi ko
tatanggapin;
34 Sapagkat naroroon ang mga
[a]susi ng banal na pagkasaserdote na inorden, upang kayo ay
makatanggap ng karangalan at
kaluwalhatian.
35 At pagkaraan ng panahong
ito, ang inyong pagbibinyag
para sa mga patay, ng yaong
mga nakalat sa ibang bansa, ay
hindi ko tatanggapin, wika ng
Panginoon.
36 Sapagkat ito ay inorden sa
Sion, at sa kanyang mga istaka,
at sa Jerusalem, yaong mga lugar na aking itinakda para sa
[a]kublihan, ang magiging mga
lugar para sa inyong mga pagbibinyag para sa inyong mga
patay.
37 At muli, katotohanang sinasabi ko sa inyo, paano mangyayaring ang inyong mga [a]paghuhugas ay tatanggapin ko, maliban sa inyong gawin ang mga
ito sa isang bahay na inyong
itinayo sa aking pangalan?
38 Sapagkat, sa kadahilanang
ito inutusan ko si Moises na dapat siyang magtayo ng [a]tabernakulo, na dapat nila itong dalhin kasama nila sa ilang, at na
magtayo ng [b]bahay sa lupang

29*b* 1 Cor. 15:29; D at T 127:6; 138:33. GBK Pagbibinyag, Binyagan—Pagbibinyag alang-alang sa mga patay; Kaligtasan para sa mga Patay.
31*a* D at T 97:10.
34*a* D at T 110:14–16. GBK Susi ng Pagkasaserdote, Mga.
36*a* Is. 4:5–6.
37*a* GBK Hugas, Nahugasan, Mga Paghuhugas.
38*a* Ex. 25:1–9; 33:7. GBK Tabernakulo.
*b* GBK Templo, Bahay ng Panginoon.

pangako, upang ang mga orde-
nansang yaon ay maihayag na
natatago bago pa nagkaroon ng
daigdig.
39 Samakatwid, katotohanang
sinasabi ko sa inyo, ang inyong
mga [a]pagpapahid ng langis, at
ang inyong mga paghuhugas, at
ang inyong mga [b]pagbibinyag
para sa mga patay, at ang in-
yong mga [c]kapita-pitagang ka-
pulungan, at ang inyong mga
pag-alaala para sa inyong mga
[d]hain sa pamamagitan ng mga
anak na lalaki ni Levi, at para sa
inyong mga orakulo sa inyong
mga [e]pinakabanal na lugar kung
saan kayo tumatanggap ng mga
pag-uusap, at ng inyong mga
batas at paghuhukom, para sa
pagsisimula ng mga paghaha-
yag at pagtatatag ng Sion, at
para sa kaluwalhatian, karanga-
lan, at pagkakaloob ng lahat ng
nauukol sa kanyang munisipal,
ay inorden sa pamamagitan ng
ordenansa sa aking banal na ba-
hay, kung alin ang aking mga tao
ay tuwinang inuutusang magta-
yo sa aking banal na pangalan.
40 At katotohanang sinasabi
ko sa inyo, ang bahay na ito ay
itayo sa aking pangalan, upang
aking maihayag ang aking mga
ordenansa roon sa aking mga
tao;
41 Sapagkat minarapat ko na
[a]ihayag sa aking simbahan ang
mga bagay na pinanatiling [b]na-
katago bago pa ang pagkakata-
tag ng daigdig, mga bagay na
nauukol sa dispensasyon ng
[c]kaganapan ng mga panahon.
42 At [a]aking ipakikita sa aking
tagapaglingkod na si Joseph ang
lahat ng bagay na nauukol sa
bahay na ito, at ang pagkasa-
serdote nito, at ang lugar kung
saan ito itatayo.
43 At inyo itong itatayo sa lu-
gar kung saan ninyo pinagnilay-
nilayan itong itatayo, sapagkat
yaon ang pook na aking pinili
para sa inyo na pagtayuan nito.
44 Kung kayo ay gagawa nang
buo ninyong lakas, aking ilalaan
ang pook na ito upang ito ay
maging [a]banal.
45 At kung ang aking mga tao
ay makikinig sa aking tinig, at
sa tinig ng aking mga [a]tagapag-
lingkod na aking itinalagang
aakay sa aking mga tao, mas-
dan, katotohanang sinasabi ko
sa inyo, sila ay hindi mapaaalis
mula sa kanilang lugar.
46 Subalit kung sila ay hindi
makikinig sa aking tinig, ni sa
tinig ng mga taong ito na aking
itinalaga, sila ay hindi pagpa-
palain, dahil kanilang dinumi-
han ang aking mga banal na
lupa, at ang aking mga banal na
ordenansa, at mga kasunduan,
at ang aking mga banal na sali-
ta na aking ibinigay sa kanila.

39*a* Ex. 29:7. GBK Pagpapahid ng Langis.
*b* GBK Ordenansa, Mga—Ordenansang ginagawa alang-alang sa iba.
*c* D at T 88:117.
*d* D at T 13:1; 84:31; 128:24; JS—K 1:69.
*e* Ez. 41:4; D at T 45:32; 87:8; 101:22.
41*a* S ng P 1:9.
*b* D at T 121:26–32.
*c* Ef. 1:9–10; D at T 27:13; 112:30.
42*a* D at T 95:14–17.
44*a* GBK Banal (pang-uri).
45*a* D at T 1:38. GBK Propeta.

47 At ito ay mangyayari na
kung kayo ay magtatayo ng
isang bahay sa aking pangalan,
at hindi gagawin ang mga bagay
na aking sinasabi, hindi ko isa-
sagawa ang [a]sumpa na aking gi-
nawa sa inyo, ni tutuparin ang
mga pangako na inyong inaasa-
han sa aking mga kamay, wika
ng Panginoon.
48 Sapagkat sa [a]halip na mga
pagpapala, oo, sa pamamagitan
ng inyong sariling mga gawa,
magdadala ng mga sumpa,
poot, galit, at mga paghuhukom
sa sarili ninyong mga ulo, sa pa-
mamagitan ng inyong mga ka-
hangalan, at sa pamamagitan
ng lahat ng inyong kasuklam-
suklam na gawain, na inyong gi-
nagawa sa harapan ko, wika ng
Panginoon.
49 Katotohanan, katotohanan,
sinasabi ko sa inyo, na kapag
ako ay nagbigay ng kautusan
sa sinuman sa mga anak na la-
laki ng tao na gumawa ng ga-
wain sa aking pangalan, at ya-
ong mga anak na lalaki ng tao
ay gaganap nang buo nilang la-
kas at sa lahat ng mayroon sila
upang magampanan ang gawa-
ing yaon, at hindi tumitigil sa
kanilang [a]pagsisigasig, at ang
kanilang mga kaaway ay suma-
pit sa kanila at hinadlangan si-
lang magampanan ang gawaing
yaon, masdan, [b]mamarapatin ko
na huwag nang hingin ang ga-
waing yaon sa mga kamay ng
yaong mga anak na lalaki ng
mga tao, kundi tatanggapin ang
kanilang mga handog.
50 At ang kasamaan at pagla-
bag sa aking mga banal na batas
at kautusan ay aking [a]idadalaw
sa mga ulo ng yaong humahad-
lang sa aking gawain, hanggang
sa ikatlo at ikaapat na [b]salinlahi,
habang sila ay hindi [c]nagsisisi,
at napopoot sa akin, wika ng
Panginoong Diyos.
51 Samakatwid, sa kadahi-
lanang ito aking tinanggap ang
mga handog ng yaong aking
mga inutusang magtayo ng
isang lunsod at isang [a]bahay sa
aking pangalan, sa [b]Jackson
County, Missouri, at hinadla-
ngan ng kanilang mga kaaway,
wika ng Panginoon ninyong
Diyos.
52 At aking tutugunin ng [a]pag-
huhukom, pagkapoot, at galit,
pananaghoy, at pagkahapis, at
pagngangalit ng mga ngipin sa
kanilang mga ulo, hanggang sa
ikatlo at ikaapat na salinlahi,
habang sila ay hindi nagsisisi,
at napopoot sa akin, wika ng
Panginoon ninyong Diyos.
53 At ito ay aking ginagawa
bilang halimbawa sa inyo, para
sa inyong kasiyahan hinggil sa
lahat ng yaong inutusang guma-
wa ng gawain at hinadlangan
ng mga kamay ng kanilang mga
kaaway, at sa pamamagitan ng
pang-aapi, wika ng Panginoon
ninyong Diyos.

47*a* gbk Sumpa, Mga Sumpa.
48*a* Deut. 28:15.
49*a* gbk Kasigasigan.
*b* D at T 56:4; 137:9.
50*a* Mos. 12:1.
*b* Deut. 5:9; D at T 98:46–47.
*c* gbk Magsisi, Pagsisisi.
51*a* D at T 115:11.
*b* gbk Jackson County, Missouri (USA).
52*a* D at T 121:11–23.

54 Sapagkat ako ang Panginoon ninyong Diyos, at ililigtas ang lahat na yaong inyong mga kapatid na naging [a]dalisay sa kanilang puso, at [b]pinaslang sa lupain ng Missouri, wika ng Panginoon.

55 At muli, katotohanang sinasabi ko sa inyo, inuutusan ko kayo na muling magtayo ng [a]bahay sa aking pangalan, maging sa lugar na ito, upang inyong [b]mapatunayan ang inyong sarili sa akin na kayo ay matapat sa lahat ng bagay sa anumang aking inuutos sa inyo, upang akin kayong pagpalain, at putungan kayo ng karangalan, ng kawalang-kamatayan, at buhay na walang hanggan.

56 At ngayon sinasabi ko sa inyo, ukol sa aking [a]bahay paupahan na aking iniutos sa inyong itayo upang upahan ng mga dayuhan, itayo ito sa aking pangalan, at ang aking pangalan ang ipangangalan dito, at ang aking tagapaglingkod na si Joseph at ang kanyang maganak ay magkakaroon ng lugar dito, sa bawat sali't salinlahi.

57 Sapagkat ang paghihirang na ito ay inilagay ko sa kanyang ulo, upang ang kanyang pagpapala ay mapasaulo rin ng kanyang angkan na susunod sa kanya.

58 At tulad ng aking sinabi kay [a]Abraham hinggil sa mga angkan ng mundo, gayon nga sinasabi ko sa aking tagapaglingkod na si Joseph: Sa iyo at sa iyong [b]binhi ang angkan ng mundo ay pagpapalain.

59 Samakatwid, ang aking tagapaglingkod na si Joseph at ang kanyang binhing susunod sa kanya ay may lugar sa bahay na yaon, sa bawat sali't salinlahi, magpakailanman at walang katapusan, wika ng Panginoon.

60 At ang pangalan ng bahay na yaon ay tawaging Nauvoo House; at ito ay magiging isang kalugud-lugod na tirahan para sa tao, at isang lugar-pahingahan para sa nangalupaypay na manlalakbay, upang kanyang pagnilay-nilayan ang kaluwalhatian ng Sion, at ang kaluwalhatian nito, ang batong panulok niyon;

61 Upang kanya ring matanggap ang payo mula sa mga yaong aking itinalaga na maging tulad ng mga [a]halaman ng kabantugan, at tulad ng mga [b]bantay sa kanyang mga pader.

62 Masdan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang aking tagapaglingkod na si George Miller, at ang aking tagapaglingkod na si Lyman Wight, at ang aking tagapaglingkod na si John Snider, at ang aking tagapaglingkod na si Peter Haws, ay ayusin ang kanilang sarili,

54*a* GBK Dalisay, Kadalisayan.
*b* D at T 98:13; 103:27–28.
55*a* D at T 127:4.
*b* Abr. 3:25.
56*a* D at T 124:22–24.
58*a* Gen. 12:3; 22:18; Abr. 2:11. GBK Abraham.
*b* D at T 110:12. GBK Tipang Abraham.
61*a* Is. 61:3; Ez. 34:29.
*b* GBK Magbantay, Mga Tagabantay.

at italaga ang isa sa kanila na maging isang pangulo sa kanilang korum para sa layunin ng pagtatayo ng bahay na iyon.
63 At sila ay magbubuo ng isang saligang-batas, kung saan sila ay makatatanggap ng saping-puhunan para sa pagtatayo ng bahay na iyon.
64 At sila ay hindi tatanggap ng kulang sa limampung dolyar para sa isang bahagi ng saping-puhunan sa bahay na iyon, at sila ay pahihintulutang tumanggap ng labinlimang libong dolyar mula sa sinumang tao para sa saping-puhunan sa bahay na iyon.
65 Subalit sila ay hindi pahihintulutang tumanggap ng higit sa labinlimang libong dolyar na saping-puhunan mula sa isang tao.
66 At sila ay hindi pahihintulutang tumanggap ng bababa sa limampung dolyar para sa isang bahagi ng saping-puhunan mula sa isang tao sa bahay na iyon.
67 At sila ay hindi pahihintulutang tumanggap ng sinumang tao, bilang isang aksiyonista sa bahay na ito, maliban sa ang yaon ay magbabayad ng kanyang saping-puhunan sa kanilang mga kamay sa oras na siya ay tumanggap ng saping-puhunan;
68 At bilang katimbang na bahagi ng halaga ng saping-puhunan na kanyang binayaran sa kanilang mga kamay, siya ay tatanggap ng saping-puhunan sa bahay na iyon; subalit kung siya ay walang binayaran sa kanilang mga kamay siya ay hindi tatanggap ng anumang saping-puhunan sa bahay na iyon.
69 At kung sinuman ang nagbayad ng saping-puhunan sa kanilang mga kamay ito ay para sa saping-puhunan sa bahay na iyon, para sa kanyang sarili, at para sa susunod niyang salinlahi, sa bawat sali't salinlahi, habang siya at ang kanyang mga tagapagmana ay naghahawak ng saping-puhunan na yaon, at hindi ipagbibili o ipamimigay ang saping-puhunan mula sa kanilang mga kamay sa pamamagitan ng kanilang kusang-loob at kilos, kung inyong gagawin ang aking kalooban, wika ng Panginoon ninyong Diyos.
70 At muli, katotohanang sinasabi ko sa inyo, kung ang aking tagapaglingkod na si George Miller, at ang aking tagapaglingkod na si Lyman Wight, at ang aking tagapaglingkod na si John Snider, at ang aking tagapaglingkod na si Peter Haws, ay tatanggap ng alinmang saping-puhunan sa kanilang mga kamay, sa mga salapi, o sa mga ari-arian kung saan sila ay tumatanggap ng tunay na halaga ng mga salapi, sila ay hindi maglalaan ng alinmang bahagi ng saping-puhunan na yaon sa anumang iba pang layunin, tanging sa bahay lamang na iyon.
71 At kung sila ay maglalaan ng alinmang bahagi ng saping-puhunan na yaon sa kahit saan,

sa bahay lamang na iyon, ng
walang kapahintulutan ng ak-
siyonista, at hindi magbabayad
ng makaapat na ulit para sa
saping-puhunan na kanilang
inilaan kung kahit saan man, sa
bahay lamang na iyon, sila ay
isusumpa, at aalisin sa kani-
lang lugar, wika ng Panginoong
Diyos; sapagkat ako, ang Pa-
nginoon, ay Diyos, at hindi ma-
aaring [a]kutyain ng alinman sa
mga bagay na ito.
72 Katotohanang sinasabi ko
sa inyo, ang aking tagapagling-
kod na si Joseph ay magbayad
ng saping-puhunan sa kanilang
mga kamay para sa pagtatayo
ng bahay na iyon, na sa wari ni-
ya'y makabubuti; subalit ang
aking tagapaglingkod na si
Joseph ay hindi makapagbaba-
yad ng higit sa labinlimang li-
bong dolyar na saping-puhunan
sa bahay na iyon, ni mababa sa
limampung dolyar; ni ang sinu-
mang tao, wika ng Panginoon.
73 At mayroon ding iba na
nagnanais na malaman ang
aking kalooban hinggil sa kani-
la, sapagkat kanilang itinanong
ito sa aking mga kamay.
74 Samakatwid, sinasabi ko sa
inyo hinggil sa aking tagapag-
lingkod na si Vinson Knight,
kung kanyang gagawin ang
aking kalooban maglagay siya
ng saping-puhunan sa bahay na
iyon para sa kanyang sarili, at
para sa salinlahing susunod sa
kanya, sa bawat sali't salinlahi.
75 At siya ay magtaas ng kan-
yang tinig nang matagal at ma-
lakas, sa gitna ng mga tao,
upang [a]ipagsumamo ang kapa-
kanan ng mga maralita at na-
ngangailangan; at huwag siyang
magpabaya, ni huwag manghi-
na ang kanyang puso; at aking
[b]tatanggapin ang kanyang mga
handog, sapagkat ang mga ito
sa akin ay hindi tulad ng mga
handog ni Cain, sapagkat siya
ay magiging akin, wika ng Pa-
nginoon.
76 Magalak ang kanyang mag-
anak at ilayo ang kanilang mga
puso mula sa kahirapan; sapag-
kat aking pinili siya at hinirang
siya, at siya ay pararangalan sa
gitna ng kanyang sambahayan,
sapagkat aking patatawarin ang
lahat ng kanyang kasalanan,
wika ng Panginoon, Amen.
77 Katotohanang sinasabi ko sa
inyo, ang aking tagapaglingkod
na si Hyrum ay maglagay ng
saping-puhunan sa bahay na
iyon na sa wari niya'y makabu-
buti, para sa kanyang sarili at
sa salinlahing susunod sa kan-
ya, sa bawat sali't salinlahi.
78 Maglagay ang aking taga-
paglingkod na si Isaac Galland
ng saping-puhunan sa bahay na
iyon; sapagkat ako, ang Pa-
nginoon, ay minamahal siya da-
hil sa gawain na kanyang gina-
wa, at patatawarin ang lahat ng
kanyang kasalanan; samakat-
wid, siya ay maaalaala para sa
kapakinabangan sa bahay na
iyon sa bawat sali't salinlahi.
79 Ang aking tagapaglingkod

71*a* Gal. 6:7.
75*a* Kaw. 31:9.
*b* Gen. 4:4–5;
Moi. 5:18–28.

na si Isaac Galland ay italaga mula sa inyo, at oordenan ng aking tagapaglingkod na si William Marks, at babasbasan niya, upang sumama sa aking tagapaglingkod na si Hyrum upang tuparin ang gawain na ituturo sa kanila ng aking tagapaglingkod na si Joseph, at sila ay labis na pagpapalain.

80 Ang aking tagapaglingkod na si William Marks ay magbayad ng saping-puhunan sa bahay na iyon, na sa wari niya'y makabubuti, para sa kanyang sarili at sa kanyang salinlahi, sa bawat sali't salinlahi.

81 Ang aking tagapaglingkod na si Henry G. Sherwood ay magbayad ng saping-puhunan sa bahay na iyon, na sa wari niya'y makabubuti, para sa kanyang sarili at sa kanyang binhi na susunod sa kanya, sa bawat sali't salinlahi.

82 Ang aking tagapaglingkod na si William Law ay magbayad ng saping-puhunan sa bahay na iyon, para sa kanyang sarili at sa kanyang binhi na susunod sa kanya, sa bawat sali't salinlahi.

83 Kung kanyang gagawin ang aking kalooban huwag niyang dalhin ang kanyang mag-anak sa silangang lupain, maging sa Kirtland; gayunman, ako, ang Panginoon, ang magtatayo ng Kirtland, subalit ako, ang Panginoon, ay may sakunang inihanda para sa mga naninirahan doon.

84 At sa aking tagapaglingkod na si Almon Babbitt, maraming bagay akong hindi ikinalulugod; masdan, siya ay nagmimithing itatag ang kanyang payo sa halip ng payo na aking inorden, maging iyong sa Panguluhan ng aking Simbahan; at siya ay nagtayo ng [a]gintong guya para sa pagsamba ng aking mga tao.

85 Walang sinuman ang [a]aalis mula sa lugar na ito na nagtungo ritong nagtatangkang sundin ang aking mga kautusan.

86 Kung sila ay maninirahan dito sila ay mamuhay sa akin; at kung sila ay mamamatay sila ay mamatay sa akin; sapagkat sila ay [a]mamamahinga mula sa lahat ng kanilang gawain dito, at magpapatuloy ng kanilang mga gawa.

87 Samakatwid, magtiwala sa akin ang aking tagapaglingkod na si William, at huwag na matakot hinggil sa kanyang mag-anak, dahil sa karamdaman ng lupain. Kung [a]mahal ninyo ako, sundin ang aking mga kautusan; at ang karamdaman ng lupain ay [b]hahantong sa iyong kaluwalhatian.

88 Ang aking tagapaglingkod na si William ay humayo at magpahayag ng aking walang hanggang ebanghelyo nang may malakas na tinig, at may labis na kagalakan, habang siya ay pinakikilos ng aking [a]Espiritu, sa mga naninirahan sa Warsaw, at gayon din sa mga naninirahan

84*a* Ex. 32:2–4.
85*a* Lu. 9:62.
86*a* Apoc. 14:13.
GBK Paraiso; Kapahingahan.
87*a* Juan 14:15.
*b* D at T 121:8; 122:7.
88*a* GBK Diyos, Panguluhang Diyos—Diyos Espiritu Santo.

sa Carthage, at gayon din sa mga naninirahan sa Burlington, at gayon din sa mga naninirahan sa Madison, at maging mapagtiis at masigasig sa paghihintay sa mga karagdagang tagubilin sa aking pangkalahatang pagpupulong, wika ng Panginoon.

89 Kung kanyang gagawin ang aking kalooban siya ay magsimula ngayong makinig sa payo ng aking tagapaglingkod na si Joseph, at sa kanyang kapakinabangan ay itaguyod ang [a]kapakanan ng mga maralita, at ipalathala [b]ang bagong pagkakasalin ng aking banal na salita sa mga naninirahan sa mundo.

90 At kung kanyang gagawin ito akin siyang [a]pagpapalain ng pagkarami-raming pagpapala, nang hindi siya mapabayaan, ni ang kanyang binhi ay hindi matagpuang [b]nanlilimos ng tinapay.

91 At muli, katotohanang sinasabi ko sa iyo, ang aking tagapaglingkod na si William ay italaga, ordenan, at hirangin, bilang tagapayo ng aking tagapaglingkod na si Joseph, sa lugar ng aking tagapaglingkod na si Hyrum, nang matanggap ng aking tagapaglingkod na si Hyrum ang katungkulan ng Pagkasaserdote at [a]Patriyarka, na itinalaga sa kanya ng kanyang ama, sa pamamagitan ng pagpapala at sa pamamagitan din ng karapatan;

92 Na simula ngayon siya ay maghahawak ng mga susi ng mga pagbabasbas ng [a]patriyarka sa mga ulo ng lahat ng aking tao,

93 Na sinuman ang kanyang babasbasan ay pagpapalain, at sinuman ang kanyang [a]isusumpa ay susumpain; na anuman ang kanyang [b]ibuklod sa lupa ay ibubuklod sa langit; at anuman ang kanyang paghihiwalayin sa lupa ay paghihiwalayin sa langit.

94 At simula sa oras na ito aking itinatalaga siya na maging isang propeta, at isang [a]tagakita, at isang tagapaghayag sa aking simbahan, gayon din ang aking tagapaglingkod na si Joseph;

95 Upang siya ay makakilos nang kaayon din ng aking tagapaglingkod na si Joseph; at nang siya ay makatanggap ng payo mula sa aking tagapaglingkod na si Joseph, na siyang magpapakita sa kanya ng mga [a]susi nang siya ay makapagtanong at makatanggap, at maputungan ng gayon ding pagpapala, at kaluwalhatian, at karangalan, at pagkasaserdote, at mga kaloob ng pagkasaserdote, na minsan ay nailagay sa kanya na aking

89*a* D at T 78:3.
*b* IE ang Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia.
90*a* GBK Pagpapala, Pagpapalain, Pinagpala.
*b* Awit 37:25.
91*a* D at T 107:39–40. GBK Patriyarka, Patriyarkal.
92*a* GBK Patriyarkal na Pagbabasbas, Mga.
93*a* D at T 132:45–47.
*b* Mat. 16:19. GBK Buklod, Pagbubuklod.
94*a* D at T 107:91–92. GBK Tagakita.
95*a* D at T 6:28.

tagapaglingkod na si [b]Oliver Cowdery;
96 Upang ang aking tagapaglingkod na si Hyrum ay makapagtala ng mga bagay na aking ipakikita sa kanya, upang ang kanyang pangalan ay mapasamarangal na pag-aalaala sa bawat sali't salinlahi, magpakailanman at walang katapusan.
97 Tanggapin din ng aking tagapaglingkod na si William Law ang mga susi nang siya ay makapagtanong at makatanggap ng mga pagpapala; siya ay magiging [a]mapagpakumbaba sa harapan ko, at maging walang [b]katusuhan, at siya ay makatatanggap ng aking Espiritu, maging ang [c]Mang-aaliw, na siyang magpapakita sa kanya ng katotohanan ng lahat ng bagay, at ibibigay sa kanya, sa oras ding iyon, kung ano ang kanyang sasabihin.
98 At ang mga [a]palatandaang ito ang susunod sa kanya—siya ay [b]magpapapagaling ng maysakit, siya ay magtataboy ng mga diyablo, at ililigtas mula sa yaong magbibigay sa kanya ng mabagsik na lason;
99 At siya ay aakayin sa mga landas kung saan ang [a]nakalalasong ahas ay hindi makasusunggab ng kanyang sakong, at siya ay sasakay sa [b]likhang-isip ng kanyang mga isipan tulad ng sa mga pakpak ng mga agila.
100 At ano kung aking loloobin na siya ay bumuhay ng patay, huwag niyang pigilin ang kanyang tinig.
101 Samakatwid, ang aking tagapaglingkod na si William ay manawagan nang malakas at huwag tumigil, nang may kagalakan at kasiyahan, at may mga hosanna sa kanya na nakaupo sa luklukan magpakailanman at walang katapusan, wika ng Panginoon ninyong Diyos.
102 Masdan, sinasabi ko sa inyo, ako ay may misyong nakalaan para sa aking tagapaglingkod na si William, at sa aking tagapaglingkod na si Hyrum, at para sa kanila lamang; at ang aking tagapaglingkod na si Joseph ay manatili sa bahay, sapagkat siya ay kinakailangan. Ang natitira ay aking ipakikita sa inyo pagkaraan nito. Maging gayon nga. Amen.
103 At muli, sinasabi ko sa iyo, kung ang aking tagapaglingkod na si [a]Sidney ay maglilingkod sa akin at magiging tagapayo ng aking tagapaglingkod na si Joseph, siya ay bumangon at lumapit at tumayo sa katungkulan na kanyang tungkulin, at magpakumbaba ng kanyang sarili sa harapan ko.
104 At kung siya ay mag-aalay sa akin ng isang katanggap-tanggap na handog, at mga pagpapasalamat, at mananatili sa

95*b* GBK Cowdery, Oliver.
97*a* GBK Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba.
*b* GBK Pandaraya.
*c* GBK Mang-aaliw.
98*a* Mar. 16:17–18. GBK Kaloob ng Espiritu, Mga.
*b* GBK Pinagaling, Pagpapapagaling.
99*a* D at T 84:71–73.
*b* Ex. 19:4; Is. 40:31.
103*a* GBK Rigdon, Sidney.

aking mga tao, masdan, ako, ang Panginoon ninyong Diyos, ay pagagalingin siya nang siya ay gumaling; at siya ay magtataas ng kanyang tinig muli sa mga bundok, at magiging [a]tagapagsalita sa harapan ng aking mukha.

105 Siya ay magtungo at patirahin ang kanyang mag-anak sa kapitbahayan kung saan ang aking tagapaglingkod na si Joseph ay naninirahan.

106 At sa lahat ng kanyang paglalakbay siya ay magtataas ng kanyang tinig tulad ng tunog ng isang pakakak, at bibigyang-babala ang mga naninirahan sa mundo upang takasan ang poot na darating.

107 Tulungan niya ang aking tagapaglingkod na si Joseph, at gayon din ang aking tagapaglingkod na si William Law ay tulungan ang aking tagapaglingkod na si Joseph, sa paggawa ng isang kapita-pitagang [a]pagpapahayag sa mga hari ng mundo, maging tulad ng aking sinabi noon sa inyo.

108 Kung ang aking tagapaglingkod na si Sidney ay gagawin ang aking kalooban, huwag niyang ilipat ang kanyang mag-anak sa mga lupain sa [a]silangan, kundi ibahin niya ang kanilang tinitirahan, maging tulad ng aking sinabi.

109 Masdan, hindi ko kalooban na siya ay maghanap upang makakita ng kaligtasan at kublihan sa labas ng lunsod na aking inilaan sa iyo, maging ang lunsod ng [a]Nauvoo.

110 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, maging ngayon, kung siya ay makikinig sa aking tinig, ito ay magiging mabuti para sa kanya. Maging gayon nga. Amen.

111 At muli, katotohanang sinasabi ko sa inyo, pagbayarin ang aking tagapaglingkod na si Amos Davies ng sapingpuhunan sa mga kamay ng yaong mga aking itinalaga upang magtayo ng isang bahay upang upahan, maging ang Nauvoo House.

112 Ito ay gawin niya kung siya ay magkakaroon ng puhunan; at makinig siya sa payo ng aking tagapaglingkod na si Joseph, at gumawa sa pamamagitan ng kanyang sariling mga kamay upang kanyang matamo ang pagtitiwala ng mga tao.

113 At kapag kanyang napatunayan ang kanyang sarili na matapat sa lahat ng bagay na ipagkakatiwala sa kanyang pangangalaga, oo, maging sa iilang bagay, siya ay gagawing [a]tagapamahala sa marami;

114 Kanyang, samakatwid [a]ibaba ang kanyang sarili upang siya ay dakilain. Maging gayon nga. Amen.

115 At muli, katotohanang sinasabi ko sa inyo, kung ang

104*a* Ex. 4:14–16; 2 Ne. 3:17–18; D at T 100:9–11.
107*a* D at T 124:2–4.
108*a* D at T 124:82–83.
109*a* gbk Nauvoo, Illinois (USA).
113*a* Mat. 25:14–30.
114*a* Mat. 23:12; D at T 101:42.

aking tagapaglingkod na si Robert D. Foster ay susunod sa aking tinig, magtayo siya ng isang bahay para sa aking tagapaglingkod na si Joseph, alinsunod sa kasunduan na kanyang ginawa sa kanya, samantalang ang pinto ay bubuksan sa kanya sa pana-panahon.

116 At magsisi siya sa lahat ng kanyang kahibangan, at daramitan ang kanyang sarili ng [a]pag-ibig sa kapwa-tao; at tumigil sa paggawa ng kasamaan, at isantabi ang lahat ng kanyang matigas na pananalita;

117 At magbayad din ng saping-puhunan sa mga kamay ng korum ng Nauvoo House, para sa kanyang sarili at para sa kanyang salinlahi na susunod sa kanya, sa bawat sali't salinlahi;

118 At makinig sa payo ng aking mga tagapaglingkod na sina Joseph, at Hyrum, at William Law, at sa mga maykapangyarihan na aking tinawag na magtatag ng saligan ng Sion; at ito ay magiging mabuti sa kanya magpakailanman at walang katapusan. Maging gayon nga. Amen.

119 At muli, katotohanang sinasabi ko sa inyo, walang sinumang magbabayad ng saping-puhunan sa korum ng Nauvoo House maliban na kung siya ay isang taong naniniwala sa Aklat ni Mormon, at sa mga paghahayag na aking ibinigay sa inyo, wika ng Panginoon ninyong Diyos;

120 Sapagkat yaong [a]higit o kulang dito ay galing sa masama, at lalakipan ng mga sumpa at hindi ng mga pagpapala, wika ng Panginoon ninyong Diyos. Maging gayon nga. Amen.

121 At muli, katotohanang sinasabi ko sa inyo, bayaran ng hustong sahod ang korum ng Nauvoo House para sa lahat ng kanilang gawain na kanilang ginawa sa pagtatayo ng Nauvoo House; at ang kanilang mga sahod ay maging tulad ng napagkasunduan ng kanilang sarili, tulad ng nauukol sa halaga nito.

122 At ang bawat tao na nagbabayad ng saping-puhunan ay ibigay ang kanyang katimbang na bahagi para sa kanilang mga sahod, kung ito ay talagang kinakailangan, para sa kanilang panustos, wika ng Panginoon; kung hindi, ang kanilang mga gawain ay ituturing na kanilang saping-puhunan sa bahay na iyon. Maging gayon nga. Amen.

123 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, akin ngayong ibinibigay sa inyo ang mga [a]pamunuang nabibilang sa aking Pagkasaserdote, upang inyong hawakan ang mga [b]susi nito, maging ang Pagkasaserdote na alinsunod sa orden ni [c]Melquisedec, na alinsunod sa orden ng aking Tanging Bugtong na Anak.

124 Una, aking ibinibigay sa inyo si Hyrum Smith na maging

116*a* Col. 3:14.
gbk Pag-ibig sa Kapwa-tao.
120*a* Mat. 5:37; D at T 98:7.
123*a* gbk Katungkulan, Pinuno.
*b* gbk Susi ng Pagkasaserdote, Mga.
*c* gbk Pagkasaserdoteng Melquisedec.

isang [a]patriyarka sa inyo, upang hawakan ang mga pagpapala ng [b]pagbubuklod ng aking simbahan, maging ang Banal na Espiritu ng [c]pangako, upang kayo ay [d]mabuklod hanggang sa araw ng pagtubos, upang kayo ay hindi bumagsak sa kabila ng [e]oras ng tukso na maaaring dumating sa inyo.

125 Ibinibigay ko sa inyo ang aking tagapaglingkod na si Joseph na maging isang namumunong elder sa lahat ng aking simbahan, na maging isang tagapagsalin, isang tagapaghayag, isang [a]tagakita, at propeta.

126 Aking ibinibigay sa kanya na maging mga tagapayo ang aking tagapaglingkod na si Sidney Rigdon at ang aking tagapaglingkod na si William Law, upang ang mga ito ang bumuo ng isang korum at Unang Panguluhan, na tatanggap ng mga [a]orakulo para sa buong simbahan.

127 Aking ibinibigay sa inyo ang aking tagapaglingkod na si [a]Brigham Young na maging isang pangulo ng Labindalawang naglalakbay na kapulungan;

128 Kung aling [a]Labindalawa ay may hawak ng mga susi upang mabuksan ang kapangyarihan ng aking kaharian sa apat na sulok ng mundo, at pagkaraan niyon ay [b]ipangaral ang aking salita sa bawat nilalang.

129 Sila ay sina Heber C. Kimball, Parley P. Pratt, Orson Pratt, Orson Hyde, William Smith, John Taylor, John E. Page, Wilford Woodruff, Willard Richards, George A. Smith;

130 Si [a]David Patten ay aking [b]kinuha para sa aking sarili; masdan, walang sinuman ang makakukuha ng kanyang pagkasaserdote mula sa kanya; subalit, katotohanang sinasabi ko sa inyo, may ibang maaaring italaga sa gayon ding tungkulin.

131 At muli, aking sinasabi sa inyo, ako ay nagbibigay sa inyo ng isang [a]mataas na kapulungan, para sa batong-panulok ng Sion—

132 Alalaong baga'y, sina Samuel Bent, Henry G. Sherwood, George W. Harris, Charles C. Rich, Thomas Grover, Newel Knight, David Dort, Dunbar Wilson—si Seymour Brunson ay aking kinuha para sa aking sarili; walang sinumang makakukuha ng kanyang pagkasaserdote, subalit may ibang maaaring italaga sa gayon ding pagkasaserdote bilang kapalit niya; at katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang aking tagapaglingkod na si Aaron Johnson ay ordenan sa tungkuling ito kapalit niya—David Fullmer, Alpheus Cutler, William Huntington.

124*a* GBK Patriyarka, Patriyarkal.
*b* GBK Buklod, Pagbubuklod.
*c* D at T 76:53; 88:3–4. GBK Banal na Espiritu ng Pangako.
*d* Ef. 4:30.
*e* Apoc. 3:10.
125*a* D at T 21:1. GBK Tagakita.
126*a* D at T 90:4–5.
127*a* GBK Young, Brigham.
128*a* GBK Apostol.
*b* Mar. 16:15.
130*a* GBK Patten, David W.
*b* D at T 124:19.
131*a* GBK Mataas na Kapulungan.

133 At muli, aking ibinibigay sa inyo si Don C. Smith na maging isang pangulo ng isang korum ng matataas na saserdote;

134 Kung aling ordenansa ay itinatag para sa layunin na maging karapat-dapat yaong mga itatalaga na tumatayong mga pangulo o tagapaglingkod sa iba't ibang [a]istaka ang nagkalat sa ibang bansa;

135 At sila ay maaaring maglakbay rin kung kanilang pipiliin, subalit higit na mabuting maordenan para sa tatayong mga pangulo; ito ang tungkulin ng kanilang katungkulan, wika ng Panginoon ninyong Diyos.

136 Aking ibinibigay sa kanya sina Amasa Lyman at Noah Packard na mga tagapayo, upang sila ay makapamuno sa korum ng matataas na saserdote ng aking simbahan, wika ng Panginoon.

137 At muli, aking sinasabi sa inyo, aking ibinibigay sa inyo sina John A. Hicks, Samuel Williams, at Jesse Baker, na ang pagkasaserdote ay upang mamuno sa korum ng mga [a]elder, kung aling korum ay itinatag para sa mga tumatayong mangangaral; gayunman sila ay maaaring maglakbay, datapwat sila ay inordenan na maging mga tumatayong mangangaral sa aking simbahan, wika ng Panginoon.

138 At muli, aking ibinibigay sa inyo sina Joseph Young, Josiah Butterfield, Daniel Miles, Henry Herriman, Zera Pulsipher, Levi Hancock, James Foster, na mamuno sa korum ng mga [a]pitumpu;

139 Kung aling korum ay itinatag para sa mga naglalakbay na elder upang magpatotoo sa aking pangalan sa buong sanlibutan, kung saan man ang naglalakbay na mataas na kapulungan, ang aking mga apostol, ay isusugo sila upang ihanda ang daan sa aking harapan.

140 Ang kaibahan sa pagitan ng korum na ito at ng korum ng mga elder ay yaong isa ay patuloy na naglalakbay, at ang isa ay namumuno sa mga simbahan sa pana-panahon, ang isa ay may tungkulin ng pamumuno sa pana-panahon, at ang isa ay walang tungkulin ng pamumuno, wika ng Panginoon ninyong Diyos.

141 At muli, aking sinasabi sa inyo, aking ibinibigay sa inyo sina Vinson Knight, Samuel H. Smith, at Shadrach Roundy, kung kanyang tatanggapin ito, na mamuno sa [a]obispado; ang kaalaman ng nabanggit na obispado ay ibinigay sa inyo sa aklat ng [b]Doktrina at mga Tipan.

142 At muli, aking sinasabi sa inyo, si Samuel Rolfe at ang kanyang mga tagapayo na mga saserdote, at ang pangulo ng mga guro at ang kanyang mga tagapayo, at gayon din ang pangulo ng mga diyakono at ang

134*a* GBK Istaka.
137*a* D at T 107:11–12, 89–90.
GBK Elder; Korum.
138*a* GBK Pitumpu.
141*a* D at T 68:14; 107:15.
*b* GBK Doktrina at mga Tipan.

kanyang mga tagapayo, at gayon din ang pangulo ng istaka at ang kanyang mga tagapayo.
143 Ang mga katungkulan sa itaas ay aking ibinigay sa inyo, at ang mga susi roon, para mga tulong at para sa mga pamahalaan, para sa gawain ng ministeryo at sa [a]pagpapaganap ng mga banal.
144 At isang kautusan ang aking ibinibigay sa inyo, na inyong dapat punuin ang lahat ng katungkulan at [a]pahintulutan ang yaong mga pangalan na aking binanggit, kung hindi ay tanggihang pagtibayin sila sa aking pangkalahatang pagpupulong;
145 At kayo ay dapat maghanda ng mga silid para sa lahat ng katungkulan sa aking bahay kapag inyong itatayo ito sa aking pangalan, wika ng Panginoon ninyong Diyos. Maging gayon nga. Amen.

## BAHAGI 125

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Nauvoo, Illinois, Marso 1841, hinggil sa mga Banal sa lupang teritoryo ng Iowa (*History of the Church, *4:311–312).*

*1–4, Ang mga Banal ay magtatayo ng mga lunsod at magtitipon sa mga istaka ng Sion.*

ANO ang kalooban ng Panginoon hinggil sa mga banal sa lupang Teritoryo ng Iowa?
2 Katotohanan, ganito ang wika ng Panginoon, sinasabi ko sa inyo, kung yaong mga [a]tinatawag ang kanilang sarili sa aking pangalan at nagsasabi na aking mga banal, kung kanilang gagawin ang aking kalooban at susundin ang aking mga kautusan hinggil sa kanila, sama-sama nilang tipunin ang kanilang sarili sa mga lugar na aking ilalaan sa kanila sa pamamagitan ng aking tagapaglingkod na si Joseph, at magtayo ng mga lunsod sa aking pangalan, upang sila ay maging handa sa yaong nakalaan para sa panahong darating.
3 Pagtayuin sila ng isang lunsod sa aking pangalan sa lupaing katapat ng lunsod ng Nauvoo, at ang pangalang [a]Zarahemla ang ipangalan dito.
4 At yaong mga nanggagaling sa silangan, at sa kanluran, at sa hilaga, at sa timog, na may naising manirahan dito, kunin ang kanilang mana na nabanggit, gayon din sa lunsod ng [a]Nashville, o sa lunsod ng Nauvoo, at sa lahat ng [b]istaka na aking itinakda, wika ng Panginoon.

143*a* Ef. 4:11–14.
144*a* D at T 26:2.
GBK Pangkalahatang Pagsang-ayon.
**125** 2*a* GBK Jesucristo—Taglayin ang pangalan ni Jesucristo sa atin.
3*a* GBK Zarahemla.
4*a* IE Nashville sa Lee County, Iowa.
*b* GBK Istaka.

## BAHAGI 126

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa bahay ni Brigham Young, sa Nauvoo, Illinois, ika-9 ng Hulyo 1841 (*History of the Church, *4:382). Sa panahong ito si Brigham Young ay Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol.*

*1–3, Si Brigham Young ay pinapurihan dahil sa kanyang mga ginagawa at pinapahinga sa paglalakbay sa ibang bansa sa hinaharap.*

MAHAL at minamahal kong kapatid, [a]Brigham Young, katotohanang ganito ang wika ng Panginoon sa iyo: Aking tagapaglingkod na Brigham, hindi na hinihingi sa iyong kamay na iwanan ang iyong mag-anak tulad noong mga araw na nakalipas, sapagkat ang iyong handog ay tinatanggap ko.

2 Nakita ko ang iyong [a]ginawa at paghihirap sa paglalakbay para sa aking pangalan.

3 Samakatwid akin kitang inuutusan na ipalaganap ang aking salita, at bigyan ng natatanging kalinga ang iyong [a]mag-anak sa mga oras na ito, simula ngayon at magpakailanman. Amen.

## BAHAGI 127

*Isang sulat mula kay Joseph Smith, ang Propeta para sa mga Banal sa mga Huling Araw sa Nauvoo, Illinois, naglalaman ng mga tagubilin tungkol sa pagbibinyag para sa mga patay, isinulat sa Nauvoo, ika-1 ng Setyembre 1842 (*History of the Church, *5:142–144).*

*1–4, Si Joseph Smith ay nagpupuri sa pag-uusig at pagdurusa; 5–12, Kinakailangang mag-ingat ng mga talaan kaugnay ng pagbibinyag para sa mga patay.*

YAYAMANG ipinahayag ng Panginoon sa akin na ang aking mga kaaway, kapwa sa Missouri at sa Estadong ito, ay muling tumutugis sa akin; at yayamang sila ay tumutugis sa akin nang walang [a]kadahilanan, at wala ni kaunti mang anino o kulay ng katarungan o karapatan sa kanilang panig sa pagbubuo ng kanilang maiuusig sa akin; at yayamang ang kanilang mga pagkukunwari ay batay lahat sa kasinungalingan ng pinakamaitim na pangulay, aking inisip na ito ay kapakipakinabang at karunungan sa akin na lisanin ang lugar sa maikling panahon, para sa aking sariling kaligtasan at sa kaligtasan ng mga taong ito. Aking sasabihin sa lahat ng yaong kung kanino ako ay may pakikipagugnayan, na aking iniwan ang

**126** 1*a* GBK Young, Brigham.
2*a* GBK Gawa, Mga.
3*a* GBK Mag-anak.
**127** 1*a* Job 2:3; Mat. 5:10–12; 1 Ped. 2:20–23.

aking mga gawain sa mga kinatawan at klerk na siyang haharap sa lahat ng kakailanganin sa madali at wastong pamamaraan, at titiyakin na lahat ng aking utang ay mababayaran sa takdang panahon, sa pamamagitan ng pagpapalitan ng ari-arian, o sa ibang paraan, kung hinihingi ng pagkakataon, o kung hinihingi ng mga pangyayari. Kapag aking napagalaman na ang bagyo ay ganap nang humupa, saka ako magbabalik sa inyong muli.

2 At tungkol sa mga [a]panganib na kung saan ako ay tinawag na magdanas, ang mga ito ay waring maliit na bagay sa akin, sapagkat ang [b]pagkainggit at pagkapoot ng tao sa akin ay naging pangkaraniwang bagay sa lahat ng araw ng aking buhay; at sa kung anong kadahilanan ito ay waring mahiwaga, maliban kung ako ay [c]ordenan magmula pa sa pagkakatatag ng daigdig para sa ilang mabuting layunin, o masama, anuman ang inyong pipiliing itawag dito. Hatulan ninyo para sa inyong sarili. Alam ng Diyos ang lahat ng bagay na ito, maging ito man ay mabuti o masama. Subalit gayunpaman, malalim na tubig ang aking kinasanayang languyin. Itong lahat ay naging pangkaraniwan sa akin; at aking nararamdaman, tulad ni Pablo, na nagpupuri sa [d]pagdurusa; sapagkat hanggang sa araw na ito ang Diyos ng aking mga ama ay iniligtas ako sa kanilang lahat, at ililigtas ako magmula ngayon; sapagkat masdan, at narito, ako ay magtatagumpay sa lahat ng aking kaaway, sapagkat ang Panginoong Diyos ang nagsabi nito.

3 Magsaya ang lahat ng banal, samakatwid, at labis na magalak; sapagkat ang [a]Diyos ng Israel ay kanilang Diyos, at siya ay magkakaloob ng karampatang kabayaran bilang ganti sa mga ulo ng lahat ng sa kanila ay mapang-api.

4 At muli, katotohanang ganito ang wika ng Panginoon: Ang gawain sa aking [a]templo, at lahat ng gawain na aking itinakda sa inyo, ay ipagpatuloy at huwag itigil; at ang inyong [b]pagsusumikap, at ang inyong pagtitiyaga, at pagtitiis, at ang inyong mga gawain ay papagibayuhin, at tiyakang hindi mawawala sa inyo ang inyong gantimpala, wika ng Panginoon ng mga Hukbo. At kung kanila kayong [c]uusigin, gayundin kanilang inusig ang mga propeta at mabubuting tao na mga nauna sa inyo. Sa lahat ng ito ay may gantimpala sa langit.

5 At muli, nagbibigay ako sa inyo ng salita na may kinalaman

2*a* Awit 23:1–6. GBK Usigin, Pag-uusig.
*b* GBK Inggit.
*c* GBK Pag-oorden sa Simula Pa.
*d* 2 Cor. 6:4–5.
3*a* 3 Ne. 11:12–14. GBK Pagdurusa.
4*a* D at T 124:55.
*b* GBK Kasigasigan.
*c* GBK Usigin, Pag-uusig.

sa [a]pagbibinyag para sa inyong mga [b]patay.

6 Katotohanan, ganito ang wika ng Panginoon sa inyo hinggil sa inyong mga patay: Kapag sinuman sa inyo ay [a]nabinyagan para sa inyong mga patay, magkaroon ng [b]tagapagtala, at siya ang magiging saksi sa inyong mga pagbibinyag; makinig siya sa pamamagitan ng kanyang mga tainga, upang siya ay makapagpatotoo sa katotohanan, wika ng Panginoon;

7 Upang sa lahat ng inyong pagtatala ito ay [a]maitala sa langit; anuman ang inyong [b]pagbuklurin sa lupa, ay mabubuklod sa langit; anuman ang inyong paghihiwalayin sa lupa, ay paghihiwalayin sa langit;

8 Sapagkat ako ay nalalapit nang [a]ibalik ang maraming bagay sa mundo, na nauukol sa [b]pagkasaserdote, wika ng Panginoon ng mga Hukbo.

9 At muli, ang lahat ng [a]tala ay isaayos, upang ang mga ito ay mailagay sa lugar ng talaan sa aking banal na templo, upang maalaala sa bawat sali't salinlahi, wika ng Panginoon ng mga Hukbo.

10 Aking sasabihin sa lahat ng banal, na aking nais, nang may malaking pagnanais, na magsalita sa kanila tungkol sa paksa ng pagbibinyag para sa mga patay, sa susunod na Sabbath. Subalit yayamang wala sa aking kapangyarihan na gawin ang gayon, aking isusulat ang salita ng Panginoon sa pana-panahon, sa paksang yaon, at ipadadala ito sa inyo sa pamamagitan ng koreo, gayon din sa marami pang ibang bagay.

11 Akin ngayong tinatapos ang aking liham sa kasalukuyan, dahil sa kakulangan ng oras; sapagkat ang kaaway ay alisto, at gaya ng sinabi ng Tagapagligtas, ang [a]prinsipe ng daigdig na ito ay darating, subalit wala siyang kinalaman sa akin.

12 Masdan, ang aking panalangin sa Diyos ay yaong lahat kayo ay maligtas. At ibinibigay ko ang aking sarili na inyong tagapaglingkod sa Panginoon, propeta at [a]tagakita ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Joseph Smith.

## BAHAGI 128

*Isang sulat mula kay Joseph Smith, ang Propeta, sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, naglalaman ng mga ka-*

5*a* GBK Pagbibinyag, Binyagan—Pagbibinyag alang-alang sa mga patay.
*b* GBK Kaligtasan para sa mga Patay.
6*a* 1 Cor. 15:29; D at T 128:13, 18.
*b* D at T 128:2–4, 7.
7*a* GBK Aklat ng Buhay.
*b* GBK Buklod, Pagbubuklod.
8*a* GBK Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo.
*b* GBK Pagkasaserdoteng Melquisedec.
9*a* D at T 128:24.
11*a* Juan 14:30; PJS, Juan 14:30. GBK Diyablo.
12*a* D at T 124:125. GBK Tagakita.

*ragdagang tagubilin tungkol sa pagbibinyag para sa mga patay, isinulat sa Nauvoo, Illinois, ika-6 ng Setyembre 1842* (History of the Church, *5:148–153).*

*1–5, Lokal at pangkalahatang mga tagapagtala ay kailangang magpatunay sa katotohanan ng mga pagbibinyag para sa mga patay; 6–9, Ang kanilang mga talaan ay nakabuklod at nakatala sa lupa at sa langit; 10–14, Ang lugar ng pinagbibinyagan ay isang kahalintulad ng libingan; 15–17, Si Elijah ang nagpanumbalik ng kapangyarihan hinggil sa pagbibinyag para sa mga patay; 18–21, Lahat ng susi, kapangyarihan, at karapatan ng mga nakaraang dispensasyon ay pinanumbalik; 22–25, Masaya at mga maluwalhating balita ang magbubunyi para sa buhay at sa patay.*

GAYA ng isinulat ko sa inyo sa aking liham bago ako lumisan sa aking tahanan, na ako ay susulat sa inyo sa panapanahon at bibigyan kayo ng kaalaman na may kinalaman sa maraming paksa, akin ngayong ipagpapatuloy ang paksa ng [a]pagbibinyag para sa mga patay, yayamang ang paksang ito ay tila baga sumasaklaw sa aking isipan, at tumitimo ito sa aking damdamin nang napakatindi, mula pa nang ako ay tinutugis ng aking mga kaaway.

2 Ako ay sumulat ng ilang salita ng paghahayag sa inyo hinggil sa isang tagapagtala. Ako ay may ilang karagdagang pananaw na may kinalaman sa bagay na ito, na akin ngayong pinatutunayan. Iyon ay, ito ay nakasaad sa aking naunang liham na dapat magkaroon ng isang [a]tagapagtala, na siyang dapat maging saksi, at gayon din upang makinig sa pamamagitan ng kanyang mga tainga, upang siya ay makagawa ng isang talaan ng katotohanan sa harapan ng Panginoon.

3 Ngayon, kaugnay ng bagay na ito, magiging napakahirap para sa isang tagapagtala nang naroroon sa lahat ng oras, at isagawa ang lahat ng gawain. Upang mapawi ang kahirapang ito, maaaring magkaroon ng isang tagapagtala na itinalaga sa bawat purok ng lunsod, na lubos na karapat-dapat upang kumuha ng wastong katitikan; at maging napakamaselan at maingat siya sa pagkuha ng lahat ng katitikan, pinatutunayan sa kanyang talaan na kanyang nakita ng kanyang mga mata, at narinig ng kanyang mga tainga, ibinibigay ang petsa, at mga pangalan, at iba pa, at ang kasaysayan ng lahat ng pakikipagunawaan, binabanggit din ang may tatlong katao na naroroon, kung mayroon mang naroroon, na maaari sa anumang oras kapag tinawag na magpatunay sa gayon din, nang sa bibig ng da-

**128** 1*a* GBK Pagbibinyag, Binyagan—Pagbibinyag alang-alang sa mga patay.
2*a* D at T 127:6.

lawa o tatlong [a]saksi ang bawat salita ay maaaring mapagtibay.

4 Kung gayon, magkaroon ng isang pangkalahatang tagapagtala, kung kanino ang ibang mga talaang ito ay maaaring ibigay, na may kalakip na mga katibayan sa ibabaw ng kanilang sariling mga lagda, pinatutunayan na ang talaang kanilang ginawa ay totoo. Pagkatapos ang pangkalahatang tagapagtala ng simbahan ay maaaring ipasok ang talaan sa pangkalahatang aklat ng simbahan, kalakip ang mga katibayan at lahat ng naroroong saksi, kalakip ang kanyang sariling paglalahad na katotohanang kanyang pinaniniwalaan ang nasa itaas na paglalahad at mga talaan na totoo, mula sa kanyang kaalaman tungkol sa buong pagkatao at pagkakatalaga ng mga taong yaon sa pamamagitan ng simbahan. At kapag ito ay naisagawa na sa pangkalahatang aklat ng simbahan, ang talaan ay magiging kasingbanal, at tutugunin ang ordenansa nang gayon din na tila baga kanyang nakita ng kanyang mga mata at narinig ng kanyang mga tainga, at gumawa ng talaan ng gayon din sa pangkalahatang aklat ng simbahan.

5 Inyong maaaring isipin na ang pagkakaayos ng mga bagay na ito ay napakaselan; subalit hayaang aking sabihin sa inyo na ito ay upang tugunin lamang ang kalooban ng Diyos, sa pamamagitan ng pagtalima sa ordenansa at paghahanda na inorden ng Panginoon at inihanda bago pa sa pagkakatatag ng daigdig, para sa [a]kaligtasan ng mga patay na mamamatay na walang [b]kaalaman sa ebanghelyo.

6 At dagdag pa, nais kong tandaan ninyo na si Juan, ang Tagapaghayag ay pinagnilay-nilayan ang paksa ring ito na may kinalaman sa mga patay, nang kanyang ipahayag, tulad ng inyong matatagpuang nakatala sa Apocalipsis 20:12—*At aking nakita ang mga patay, maliliit at dakila, nakatayo sa harapan ng Diyos, at ang mga aklat ay nabuksan; at isa pang aklat ay nabuksan, na siyang aklat ng buhay; at ang mga patay ay hinatulan mula sa mga yaong bagay na nakasulat sa mga aklat, alinsunod sa kanilang mga gawa.*

7 Inyong matutuklasan sa siping ito na ang mga aklat ay nabuksan; at isa pang aklat ay nabuksan, na siyang [a]aklat ng buhay; subalit ang mga patay ay hinatulan mula sa mga yaong bagay na nasusulat sa mga aklat, alinsunod sa kanilang mga gawa; samakatwid, ang mga aklat na binanggit ay tiyak na yaong mga aklat na naglalaman ng talaan ng kanilang mga gawa, at tumutukoy sa mga [b]talaang iningatan sa lupa. At ang aklat na siyang aklat ng buhay ang talaang iningatan sa langit; ang alituntunin ay sumasang-ayon

3*a* GBK Saksi.
5*a* GBK Kaligtasan para sa mga Patay.
*b* 1 Ped. 4:6.
7*a* Apoc. 20:12; D at T 127:6–7.
GBK Aklat ng Buhay.
*b* D at T 21:1.

nang tiyakan sa doktrina na iniutos sa inyo sa paghahayag na nasa liham na aking isinulat sa inyo bago pa ako umalis sa aking tahanan—na sa lahat ng inyong pagtatala ito ay maitatala sa langit.

8 Ngayon, ang katangian ng ordenansang ito ay binubuo sa [a]kapangyarihan ng pagkasaserdote, sa pamamagitan ng paghahayag ni Jesucristo na kung saan ito ay pinahintulutan na kung ano man ang inyong [b]ibuklod sa lupa ay pagbubuklurin sa langit, at kung ano man ang inyong kalagan sa lupa ay kakalagan sa langit. O, sa ibang salita, sa ibang pananaw ng pagsasalin, kung ano man ang inyong itinala sa lupa ay maitatala sa langit, at anuman ang hindi mo itatala sa lupa ay hindi maitatala sa langit; sapagkat mula sa mga aklat ang inyong mga patay ay hahatulan, alinsunod sa kanilang sariling mga gawa, kung sila ay tumalima sa mga [c]ordenansa sa kanilang sarili *propria persona*, o sa pamamagitan ng kanilang sariling mga kinatawan, alinsunod sa ordenansang inihanda ng Diyos para sa kanilang [d]kaligtasan mula pa nang bago itatag ang daigdig alinsunod sa mga talaang kanilang iningatan hinggil sa kanilang mga patay.

9 Ito tila baga sa iba ay magiging napakapangahas na doktrina na ating pinag-uusapan—isang kapangyarihan na nagtatala o nagbubuklod sa lupa at nagbubuklod sa langit. Gayunman, sa lahat ng panahon sa daigdig, kapag ang Panginoon ay nagbibigay ng isang [a]dispensasyon ng pagkasaserdote sa sinumang tao sa pamamagitan ng aktuwal na paghahayag, o sa anumang pangkat ng mga tao, ang kapangyarihang ito ay tuwinang ibinibigay. Dahil dito, anuman ang ginawa ng mga taong yaon na may [b]karapatan, sa pangalan ng Panginoon, at ginawa itong talaga at matapat, at nag-ingat ng isang wasto at matapat na talaan ng gayon din, ito ay nagiging batas sa lupa at sa langit, at hindi maaaring mapawalang-bisa, alinsunod sa mga utos ng dakilang [c]Jehova. Ito ay isang matapat na kawikaan. Sino ang makaririnig nito?

10 At muli, para sa pagkakasumundan, Mateo 16:18, 19: *At akin ding sinasabi sa iyo, Na ikaw ay si Pedro, at sa batong ito aking itatayo ang aking simbahan; at ang mga pintuan ng impiyerno ay hindi mananaig laban dito. At aking ibibigay sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit: at kung anuman ang iyong ibubuklod sa lupa ay pagbubuklurin sa langit; at ano man ang iyong kalagan sa lupa ay kakalagan sa langit.*

11 Ngayon ang malaki at dakilang lihim ng lahat ng bagay,

8*a* GBK Kapangyarihan; Pagkasaserdote.
*b* GBK Buklod, Pagbubuklod.
*c* GBK Ordenansa, Mga.
*d* GBK Kaligtasan para sa mga Patay.
9*a* GBK Dispensasyon.
*b* GBK Karapatan.
*c* GBK Jehova.

at ang *summum bonum* ng buong paksa na nakalatag sa harapan natin, binubuo sa pagtatamo ng mga kapangyarihan ng Banal na Pagkasaserdote. Sa kanya kung kanino ang mga [a]susing ito ay ibinigay ay walang paghihirap sa pagtatamo ng kaalaman ng mga katotohanang may kinalaman sa [b]kaligtasan ng mga anak ng tao, maging gayundin kapwa para sa mga patay gaya ng para sa mga buhay.

12 Kalakip dito ay [a]kaluwalhatian at [b]karangalan, at [c]kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan—Ang ordenansa ng pagbibinyag sa pamamagitan ng tubig upang [d]mailubog doon upang tumugon sa pagkakawangis ng mga patay, upang ang isang alituntunin ay maging kaayon sa iba; upang mailubog sa tubig at umahon mula sa tubig ay nasa pagkakawangis ng pagkabuhay na maguli ng mga patay sa paglabas sa kanilang mga libingan; dahil dito, ang ordenansang ito ay sinimulan upang bumuo ng kaugnayan sa ordenansa ng pagbibinyag para sa mga patay, na nasa pagkakawangis ng mga patay.

13 Samakatwid, ang [a]lugar ng pinagbibinyagan ay sinimulan bilang isang [b]pagtutulad ng libingan, at iniutos na mapasa isang lugar na nasa ilalim kung saan ang mga buhay ay maaaring magtipun-tipon, upang ipakita ang mga buhay at ang mga patay, at upang ang lahat ng bagay ay magkaroon ng kanyang kawangis, at upang sila ay makiayon sa isa't isa—na yaong makalupa ay umaalinsunod sa yaon ding makalangit, gaya ng ipinahayag ni Pablo, 1 Mga Taga-Corinto 15:46, 47 at 48:

14 *Paanong yaong hindi una ay espirituwal, kundi yaon ay likas; at pagkatapos yaong espirituwal. Ang unang tao ay mula sa lupa, makalupa; ang pangalawang tao ang Panginoon mula sa langit. Gaya ng makalupa, at gayon din sila na makalupa; at gaya ng makalangit, gayon din sila na makalangit.* At gaya ng mga talaan sa lupa na may kaugnayan sa inyong mga patay, na siyang tunay na ginawa, gayon din ang mga talaan sa langit. Ito, samakatwid, ang kapangyarihan ng [a]pagbubuklod at pagtatali, at, sa ibang salita, ang mga [b]susi ng kaharian na bumubuo sa susi ng [c]kaalaman.

15 At ngayon, aking mga pinakamamahal na kapatid na lalaki at babae, hayaang aking tiyakin sa inyo na ang mga ito ay alituntuning may kinalaman sa

11*a* GBK Susi ng Pagkasaserdote, Mga.
*b* GBK Kaligtasan.
12*a* GBK Kaluwalhatian.
*b* GBK Karangalan.
*c* GBK Kawalang-kamatayan, Walang Kamatayan.
*d* GBK Pagbibinyag, Binyagan—Pagbibinyag sa pamamagitan ng paglubog.
13*a* D at T 124:29.
*b* GBK Pagsagisag.
14*a* GBK Buklod, Pagbubuklod.
*b* GBK Susi ng Pagkasaserdote, Mga.
*c* PJS, Lu. 11:53.

mga patay at sa mga buhay na hindi maaaring ipagwalang-bahala nang gayun-gayon lamang, gaya ng nauukol sa ating kaligtasan. Sapagkat ang kanilang [a]kaligtasan ay kinakailangan at lubhang mahalaga sa ating kaligtasan, gaya ng sinabi ni Pablo hinggil sa mga ama—na sila kung wala tayo ay hindi magagawang [b]ganap—ni tayo kung wala ang ating mga patay ay hindi magagawang ganap.

16 At ngayon, kaugnay ng pagbibinyag para sa mga patay, akin kayong bibigyan ng isa pang sipi ni Pablo, 1 Mga Taga-Corinto 15:29: *Ano pa ba ang kanilang gagawin na bininyagan alang-alang sa mga patay, kung ang mga patay ay hindi na muling babangon? Bakit pa sila kung ganoon bininyagan para sa mga patay?*

17 At muli, kaugnay ng siping ito akin kayong bibigyan ng isang sipi mula sa isa sa mga propeta, na ang kanyang mga mata ay nakatuon sa [a]pagpapanumbalik ng pagkasaserdote, ang mga kaluwalhatiang ipahahayag sa mga huling araw, at sa isang natatanging pamamaraan itong pinakamaluwalhati sa lahat ng paksang nabibilang sa walang hanggang ebanghelyo, alalaong baga'y, ang pagbibinyag para sa mga patay; sapagkat sinasabi ni Malakias, huling kabanata, talata 5 at 6: *Masdan, aking isusugo sa inyo si [b]Elijah ang propeta bago dumating ang dakila at kakilakilabot na araw ng Panginoon: At kanyang papagbabaliking-loob ang puso ng mga ama sa mga anak, at ang puso ng mga anak sa kanilang mga ama, at baka ako ay pumarito at bagabagin ang mundo ng isang sumpa.*

18 Ako ay maaaring makapagbigay ng isang [a]malinaw na pagkakasalin nito, subalit ito ay sapat na malinaw upang iangkop sa aking layunin gaya ng pagkakasalin nito. Sapat nang malaman, sa pangyayaring ito, na ang mundo ay babagabagin ng isang sumpa maliban kung may isang [b]pag-uugnay ng anumang uri o iba pa sa pagitan ng mga ama at ng mga anak, sa alinmang paksa o iba pa—at masdan ano ang paksang yaon? Ito ang [c]pagbibinyag para sa mga patay. Sapagkat tayo kung wala sila ay hindi magagawang ganap; ni sila kung wala tayo ay hindi magagawang ganap. Ni sila o tayo ay hindi magagawang ganap kung wala yaong mga nangamatay rin sa ebanghelyo; sapagkat kinakailangan sa pagsisimula ng [d]dispensasyon ng kaganapan ng panahon, kung aling dispensasyon sa ngayon ay nagsisimu-

15*a* GBK Kaligtasan para sa mga Patay.
*b* Heb. 11:40. GBK Ganap.
17*a* GBK Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo.
*b* 3 Ne. 25:5–6; D at T 2:1–3; 110:13–16. GBK Elijah.
18*a* JS—K 1:36–39.
*b* GBK Talaangkanan; Ordenansa, Mga—Ordenansang ginagawa alang-alang sa iba.
*c* D at T 124:28–30; 127:6–7.
*d* GBK Dispensasyon.

la na, na ang isang buo at husto
at ganap na pagsasanib, at pag-
uugnay na magkakasama ng
mga dispensasyon, at mga susi,
at mga kapangyarihan, at mga
kaluwalhatian ay dapat mang-
yari, at ipahahayag mula sa mga
araw ni Adan maging sa kasalu-
kuyang panahon. At hindi la-
mang ito, kundi pati na yaong
mga bagay na hindi pa ipinaha-
hayag mula pa sa [e]pagkakata-
tag ng daigdig, subalit maingat
na itinago mula sa matatalino
at marurunong, ipahahayag sa
mga [f]sanggol at pasusuhin dito,
sa dispensasyon ng kaganapan
ng panahon.
19 Ngayon, ano ang ating na-
ririnig sa ebanghelyo na ating
natanggap? Isang tinig ng ka-
galakan! Isang tinig ng awa
mula sa langit; at isang tinig ng
[a]katotohanan mula sa lupa; ma-
sasayang balita para sa mga pa-
tay; isang tinig ng kagalakan
para sa mga buhay at sa mga pa-
tay; masasayang [b]balita ng labis
na kagalakan. Anong ganda sa
mga bundok ang mga [c]paa ng
mga yaong nagdadala ng masa-
sayang balita ng mabubuting
bagay, at nagsasabi sa Sion:
Masdan, ang iyong Diyos ay
naghahari! Gaya ng mga [d]ha-
mog ng Carmel, gayon din ang
kaalaman ng Diyos ay bababa
sa kanila!
20 At muli, ano ang ating nari-
rinig? Masasayang balita mula
sa [a]Cumorah! Si [b]Moroni, isang
angel mula sa langit, ipinaha-
hayag ang katuparan ng mga
propeta—ang [c]aklat na ipaha-
hayag. Isang tinig ng Pangino-
on sa ilang ng [d]Fayette, Seneca
County, ipinahahayag ang tat-
long saksi na [e]magpatotoo sa
aklat! Ang tinig ni [f]Miguel sa
mga pampang ng Susquehan-
na, makikilala ang diyablo ka-
pag siya ay nagpakita bilang
isang anghel ng [g]liwanag! Ang
tinig nina [h]Pedro, Santiago, at
Juan sa ilang sa pagitan ng Har-
mony, Susquehanna County, at
Colesville, Broome County, sa
Ilog ng Susquehanna, ipinaha-
hayag ang kanilang sarili na
mga nagtataglay ng mga [i]susi
ng kaharian, at ng dispensasyon
ng kaganapan ng panahon.
21 At muli, ang tinig ng Diyos
sa silid-tulugan ng matandang
[a]Amang Whitmer, sa Fayette,
Seneca County, at sa iba't ibang
panahon, at sa magkakaibang
lugar sa lahat ng paglalakbay at
paghihirap nitong Simbahan ni
Jesucristo ng mga Banal sa mga
Huling Araw! At ang tinig ni
Miguel, ang arkanghel; ang ti-

18*e* D at T 35:18.
*f* Mat. 11:25; Lu. 10:21; Alma 32:23.
19*a* Awit 85:10–11.
*b* Lu. 2:10.
*c* Is. 52:7–10; Mos. 15:13–18; 3 Ne. 20:40.
*d* Deut. 32:2; D at T 121:45.
20*a* JS—K 1:51–52. GBK Cumorah, Burol ng.
*b* GBK Moroni, Anak ni Mormon.
*c* Is. 29:4, 11–14; 2 Ne. 27:6–29. GBK Aklat ni Mormon.
*d* GBK Fayette, New York (USA).
*e* D at T 17:1–3.
*f* D at T 27:11. GBK Adan.
*g* 2 Cor. 11:14.
*h* D at T 27:12.
*i* GBK Susi ng Pagkasaserdote, Mga.
21*a* IE Peter Whitmer, Sr.

nig ni [b]Gabriel, at ni [c]Rafael, at
ng iba't ibang [d]anghel, mula kay
Miguel o [e]Adan hanggang sa ka-
salukuyang panahon, ang lahat
ay nagpapahayag ng kanilang
[f]dispensasyon, ng kanilang mga
karapatan, ng kanilang mga
susi, ng kanilang karangalan,
ang kanilang kamaharlikaan at
kaluwalhatian, at ang kapang-
yarihan ng kanilang pagkasa-
serdote; nagbibigay ng talud-
tod sa taludtod, [g]tuntunin sa
tuntunin; kaunti rito, at kaunti
roon; binibigyan tayo ng kasi-
yahan sa pamamagitan ng pag-
pigil ng yaong sasapit, pinagti-
tibay ang ating [h]pag-asa!
22 Mga kapatid, hindi ba tayo
magpapatuloy sa isang napaka-
dakilang adhikain? Sumulong at
huwag umurong. Lakas ng loob,
mga kapatid; at humayo, huma-
yo sa pananagumpay! Magsaya
sa inyong mga puso, at labis na
magalak. Bumulalas ang mun-
do sa [a]pag-awit. Magsalita ang
mga patay ng mga awit ng wa-
lang hanggang papuri sa Haring
[b]Immanuel, na nag-orden, bago
pa ang pagkakatatag ng daig-
dig, na yaong makatutulong sa
atin upang [c]matubos sila mula
sa kanilang [d]bilangguan; sapag-
kat ang mga bilanggo ay maka-
lalaya.
23 Pasigawin ang mga [a]bun-
dok sa kagalakan, at lahat
kayong mga lambak ay sumi-
gaw nang malakas; at lahat ka-
yong mga dagat at tuyong lupa-
in sabihin ang mga kamangha-
mangha ng inyong Walang
Hanggang Hari! At kayong mga
ilog, at mga batis, at mga sapa,
ay umagos nang may kagala-
kan. Purihin ng mga kahoy at
lahat ng puno ng bukid ang Pa-
nginoon; at kayong mga buo na
[b]bato ay umiyak sa kagalakan!
Magsiawit nang sabay-sabay
ang araw, buwan, at ang mga
[c]pang-umagang bituin, at pasi-
gawin sa kagalakan ang lahat
ng anak na lalaki ng Diyos! At
ipahayag ng walang hanggang
mga nilikha ang kanyang pa-
ngalan magpakailanman at wa-
lang katapusan! At muli aking
sinasabi, anong luwalhati ang
tinig na ating naririnig mula sa
langit, ipinahahayag sa ating
mga tainga, kaluwalhatian, at
kaligtasan, at karangalan, at [d]ka-
walang-kamatayan, at [e]buhay
na walang hanggan; mga kaha-
rian, pamunuan, at kapangya-
rihan!
24 Masdan, ang dakilang [a]araw
ng Panginoon ay nalalapit na; at
sino ang [b]makatatahan sa araw
ng kanyang pagparito, at sino
ang makatatayo kapag siya ay
pakikita? Sapagkat siya ay pa-

21*b* GBK Gabriel.
*c* GBK Rafael.
*d* GBK Anghel, Mga.
*e* D at T 107:53–56.
*f* GBK Dispensasyon.
*g* Is. 28:10.
*h* GBK Pag-asa.
22*a* Is. 49:13.
*b* Is. 7:14;
Alma 5:50.
GBK Emmanuel.
*c* GBK Tubos, Tinubos, Pagtubos.
*d* Is. 24:22;
D at T 76:72–74.
23*a* Is. 44:23.
*b* Lu. 19:40.
*c* Job 38:7.
*d* GBK Kawalang-kamatayan, Walang Kamatayan.
*e* GBK Buhay na Walang Hanggan.
24*a* GBK Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
*b* Mal. 3:1–3.

rang apoy ng [c]mangdadalisay, at parang sabon ng mga tagapagpaputi; at siya ay mauupong gaya ng [d]mangingintab at mangdadalisay ng pilak, at kanyang dadalisayin ang mga anak na lalaki ni [e]Levi, at kanyang pakikinising parang ginto at pilak, upang sila ay [f]makapaghain sa Panginoon ng mga handog sa kabutihan. Tayo, samakatwid, bilang isang simbahan at mga tao, at bilang mga Banal sa mga Huling Araw, maghain sa Panginoon ng isang handog sa kabutihan; at ating ialay sa kanyang banal na templo, kapag ito ay natapos na, ang isang aklat na naglalaman ng mga [g]talaan ng ating mga patay, na magiging karapat-dapat sa lahat ng pagtanggap.

25 Mga kapatid, ako ay marami pang bagay na sasabihin sa inyo tungkol sa paksa; subalit magtatapos sa kasalukuyan, at ipagpapatuloy ang paksa sa ibang pagkakataon. Ako, gaya ng dati, ang inyong hamak na tagapaglingkod at hindi nagbabagong kaibigan,

JOSEPH SMITH.

## BAHAGI 129

*Mga tagubiling ibinigay ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Nauvoo, Illinois, ika-9 ng Pebrero 1843, ipinabatid ang tatlong dakilang susi kung paano ang tunay na pagkatao ng mga naglilingkod na anghel at espiritu ay maaaring makilala ang pagkakaiba (*History of the Church, *5:267).*

*1–3, May kapwa nabuhay na mag-uli at mga katawang espiritu sa langit; 4–9, Mga susi ay ibinigay kung paano ang mga sugo mula sa kabila ng tabing ay maaaring makilala.*

MAY dalawang uri ng nilikha sa [a]langit, alalaong baga'y: Mga [b]anghel, na mga [c]nabuhay na mag-uling tao, may mga katawang laman at mga buto—

2 Halimbawa, sinabi ni Jesus: *Hawakan ako at tingnan, sapagkat ang espiritu ay walang [a]laman at mga buto, tulad ng nakikita ninyong mayroon ako.*

3 Pangalawa: ang mga [a]espiritu ng mga [b]makatarungang tao na ginawang ganap, sila na hindi nabuhay na mag-uli, subalit nagmana ng gayon ding kaluwalhatian.

4 Kapag ang isang sugo ay dumating na nagsasabing siya ay may mensahe mula sa Diyos, iabot sa kanya ang iyong kamay at hilingin sa kanya na makipagkamay sa iyo.

24*c* 3 Ne. 24:2–3. GBK Mundo—Paglilinis ng mundo.
*d* Zac. 13:9.
*e* Deut. 10:8; D at T 13:1; 124:39.
*f* D at T 84:31. GBK Pag-aalay.
*g* D at T 127:9. GBK Talaangkanan.
**129** 1*a* GBK Langit.
*b* GBK Anghel, Mga.
*c* GBK Pagkabuhay na Mag-uli.
2*a* Lu. 24:39.
3*a* GBK Espiritu.
*b* Heb. 12:23; D at T 76:69.

5 Kung siya man ay isang anghel gagawin niya ito, at mararamdaman ninyo ang kanyang kamay.
6 Kung siya man ay espiritu ng isang makatarungang tao na ginawang ganap siya ay darating sa kanyang kaluwalhatian; sapagkat iyon lamang ang tanging paraan upang siya ay makapagpakita—
7 Hilingin sa kanya na makipagkamay sa inyo, subalit siya ay hindi gagalaw, sapagkat salungat sa patakaran ng langit para sa isang makatarungang tao na manlinlang; subalit kanya pa ring ibibigay ang kanyang mensahe.
8 Kung ito ay [a]diyablo na parang anghel ng liwanag, kapag siya ay hinilingan ninyong makipagkamay ay kanyang iaabot sa inyo ang kanyang kamay, at wala kayong mararamdamang anuman; kaya nga't maaari ninyo siyang makilala.
9 Ang mga ito ang tatlong dakilang susi kung paano ninyo malalaman kung ang alinmang pangangasiwa ay mula sa Diyos.

## BAHAGI 130

*Mga talaan ng tagubilin na ibinigay ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Ramus, Illinois, ika-2 ng Abril 1843 (* History of the Church, *5:323–325).*

*1–3, Ang Ama at ang Anak ay maaaring magpakita nang personal sa mga tao; 4–7, Mga anghel ay naninirahan sa isang selestiyal na kalagayan; 8–9, Ang selestiyal na mundo ay magiging isang malaking Urim at Tummim; 10–11, Isang puting bato ay ibinigay sa lahat ng papasok sa selestiyal na daigdig; 12–17, Ang oras ng Ikalawang Pagparito ay ipinagkait sa Propeta; 18–19, Talino na natamo sa buhay na ito ay kasama nating babangon sa Pagkabuhay na maguli; 20–21, Lahat ng pagpapala ay dumarating sa pamamagitan ng pagiging masunurin sa batas; 22–23, Ang Ama at ang Anak ay may katawang may laman at mga buto.*

KAPAG ang Tagapagligtas ay [a]magpapakita, atin siyang makikita nang siya rin. Ating makikita na siya ay isang [b]tao tulad ng ating sarili.
2 At yaon ding lipunan na umiiral sa atin dito ang iiral sa atin doon, lamang ito ay may kakabit na [a]walang hanggang kaluwalhatian, kung aling kaluwalhatian ay hindi pa natin ngayon tinatamasa.
3 Juan 14:23—Ang pagpapakita ng [a]Ama at ng [b]Anak, sa ta-

8*a* 2 Cor. 11:14; 2 Ne. 9:9.
**130** 1*a* 1 Juan 3:2; Moro. 7:48. GBK Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
*b* Lu. 24:36–40.
2*a* GBK Kaluwalhatiang Selestiyal.
3*a* GBK Diyos, Panguluhang Diyos—Diyos Ama.
*b* GBK Diyos, Panguluhang Diyos—Diyos Anak.

lata na yaon, ay isang personal
na [c]pagpapakita; at ang kuru-
kuro na ang Ama at ang Anak
ay [d]nananahanan sa puso ng
isang tao ay isang sinaunang pa-
niniwala ng ibang sekta, at mali.
4 Bilang kasagutan sa kata-
nungang—Hindi ba ang pag-
bilang ng oras ng Diyos, [a]oras
ng anghel, oras ng propeta, at
oras ng tao, ay alinsunod sa
planeta kung saan sila nanini-
rahan?
5 Aking tinugon, Oo. Subalit
walang mga [a]anghel na nag-
lilingkod sa mundong ito kun-
di yaong nabibilang o nabilang
dito.
6 Ang mga anghel ay hindi
naninirahan sa isang planetang
tulad nitong mundo;
7 Subalit sila ay naninirahan
sa kinaroroonan ng Diyos, sa
isang daigdig na tulad ng isang
[a]dagat ng salamin at [b]apoy,
kung saan ang lahat ng bagay
para sa kanilang kaluwalhatian
ay naipakikita, nakaraan, kasa-
lukuyan, at panghinaharap, at
nagpapatuloy sa harapan ng
Panginoon.
8 Ang pook kung saan ang
Diyos ay naninirahan ay isang
malaking [a]Urim at Tummim.
9 Ang [a]mundong ito, sa kan-
yang pinabanal at walang ka-
matayang kalagayan, ay ga-
gawing tulad sa kristal at ma-
giging isang Urim at Tummim
sa mga naninirahang nakatira
roon, kung saan ang lahat ng
bagay na nauukol sa isang ma-
babang kaharian, o lahat ng ka-
harian na may nakabababang
kaayusan, ay ipakikita sa yaong
mga nananahanan dito; at ang
mundong ito ay magiging kay
Cristo.
10 Pagkatapos ang puting ba-
tong binanggit sa Apocalipsis
2:17, ay magiging isang Urim
at Tummim sa bawat taong tu-
matanggap nito, kung saan ang
mga bagay na nauukol sa isang
nakatataas na kaayusan ng mga
kaharian ay ipababatid;
11 At isang [a]puting bato ay
ibinigay sa bawat isa sa mga
yaong patutungo sa selestiyal
na kaharian, kung saan isang
bagong [b]pangalan ang masu-
sulat, kung alin ay walang
sinuman ang nakababatid ma-
liban sa kanya na tumanggap
nito. Ang bagong pangalan ang
hudyat.
12 Aking ipinopropesiya, sa
pangalan ng Panginoong Diyos,
na ang pasimula ng mga [a]kahi-
rapan na magiging dahilan ng
labis na pagdanak ng dugo
bago ang pagparito ng Anak ng
Tao ay mangyayari sa [b]South
Carolina.

3*c* D at T 93:1.
*d* D at T 130:22.
GBK Diyos, Panguluhang Diyos.
4*a* 2 Ped. 3:8; Abr. 3:4–10; tingnan din ang paksimile blg. 2, larawan 1, sa aklat ni Abraham.
5*a* GBK Anghel, Mga.
7*a* Apoc. 4:6; 15:2.
*b* Is. 33:14; D at T 132:1–3.
8*a* GBK Urim at Tummim.
9*a* D at T 77:1. GBK Mundo—Huling kalagayan ng mundo.
11*a* Apoc. 2:17.
*b* Is. 62:2.
12*a* D at T 38:29; 45:63.
*b* D at T 87:1–5.

13 Ito ay malamang na magsimula dahil sa katanungan sa pang-aalipin. Ito ay ipinahayag ng tinig sa akin, habang ako ay taimtim na nananalangin hinggil sa paksa, ika-25 ng Disyembre 1832.
14 Ako minsan ay buong taimtim na nananalangin upang malaman ang oras ng [a]pagparito ng Anak ng Tao, nang ako ay makarinig ng isang tinig na inuulit ang sumusunod:
15 Joseph, aking anak, kung ikaw ay mabubuhay hanggang sa ikaw ay walumpu't limang taon, iyong makikita ang mukha ng Anak ng Tao; samakatwid hayaang ito ay makasapat, at huwag na akong muling guluhin sa bagay na ito.
16 Ako ay iniwang gayon, hindi man lamang nakapagpasiya kung ang pagparitong ito ay tumutukoy sa simula ng milenyo o sa ibang naunang pagpapakita, o kung ako ay mamamatay at sa gayon ay makikita ang kanyang mukha.
17 Ako ay naniniwala na ang pagparito ng Anak ng Tao ay hindi magiging mas maaga kaysa sa oras na yaon.
18 Anumang alituntunin ng [a]katalinuhan ang ating matamo sa buhay na ito, ito ay kasama nating babangon sa [b]pagkabuhay na mag-uli.
19 At kung ang isang tao ay nagkamit ng maraming [a]kaalaman at katalinuhan sa buhay na ito sa pamamagitan ng kanyang [b]pagsisikap at [c]pagiging masunurin kaysa sa iba, siya ay magkakaroon ng labis na [d]kalamangan sa daigdig na darating.
20 May isang [a]batas, hindi mababagong utos sa langit [b]bago pa ang pagkakatatag ng daigdig na ito, kung saan ang lahat ng [c]pagpapala ay nakasalalay—
21 At kapag tayo ay nagtatamo ng anumang mga pagpapala mula sa Diyos, ito ay dahil sa pagsunod sa batas kung saan ito ay nakasalalay.
22 Ang [a]Ama ay may [b]katawang may laman at mga buto na nahihipo gaya ng sa tao; ang Anak din; subalit ang [c]Espiritu Santo ay walang katawang may laman at mga buto, kundi isang personaheng Espiritu. Kung hindi ganito, ang Espiritu Santo ay hindi makapananahanan sa atin.
23 Ang isang tao ay maaaring matanggap ang [a]Espiritu Santo, at ito ay maaaring bumaba sa kanya at hindi manatili sa kanya.

14*a* GBK Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
18*a* GBK Katalinuhan, Mga Katalinuhan.
*b* GBK Pagkabuhay na Mag-uli.
19*a* GBK Kaalaman.
*b* GBK Kasigasigan.
*c* GBK Pagsunod, Masunurin, Sumunod.
*d* Alma 12:9–11.
20*a* D at T 82:10.
*b* GBK Buhay Bago pa ang Buhay na Ito.
*c* Deut. 11:26–28; D at T 132:5. GBK Pagpapala, Pagpapalain, Pinagpala.
22*a* GBK Diyos, Panguluhang Diyos.
*b* Gawa 17:29.
*c* GBK Espiritu Santo.
23*a* GBK Kaloob na Espiritu Santo.

## BAHAGI 131

*Mga tagubilin ni Joseph Smith, ang Propeta, ibinigay sa Ramus, Illinois, ika-16 at 17 ng Mayo, 1843 (*History of the Church, *5:392–393).*

*1–4, Selestiyal na kasal ay kinakailangan sa pagkakadakila sa pinakamataas na langit; 5–6, Paano ang mga tao ay ibinubuklod sa buhay na walang hanggan ay ipinaliwanag; 7–8, Lahat ng espiritu ay bagay.*

SA [a]selestiyal na kaluwalhatian ay may tatlong kalangitan o antas;

2 At upang matamo ang [a]pinakamataas, ang isang tao ay kailangang pumasok sa orden na ito ng pagkasaserdote [ibig sabihin ang bago at walang hanggang tipan ng [b]kasal];

3 At kung hindi niya gagawin, hindi niya ito matatamo.

4 Maaari siyang pumasok sa iba, subalit iyon na ang katapusan ng kanyang kaharian; hindi siya magkakaroon ng [a]pag-unlad.

5 (Ika-17 ng Mayo 1843.) Ang mas tiyak na salita ng [a]propesiya ay nangangahulugan na malaman ng isang tao na siya ay [b]ibinuklod sa buhay na [c]walang hanggan, sa pamamagitan ng paghahayag at ng diwa ng propesiya, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Pagkasaserdote.

6 Hindi maaari para sa isang tao na [a]maligtas dahil sa [b]kamangmangan.

7 Walang anumang bagay na hindi materyal na bagay. Lahat ng [a]espiritu ay bagay, subalit ito ay mas pino o dalisay, at maaari lamang makilala sa pamamagitan ng [b]mas dalisay na mga mata;

8 Hindi natin ito makikita; subalit kapag ang ating mga katawan ay pinadalisay ating makikita na itong lahat ay bagay.

## BAHAGI 132

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Nauvoo, Illinois, itinala noong ika-12 ng Hulyo 1843, nauukol sa bago at walang hanggang tipan, kabilang ang kawalang-hanggan ng tipan ng kasal, at gayon din ang pagkakaroon ng maraming asawang babae (*History of the Church, *5:501–507). Bagaman ang paghahayag ay naitala noong 1843, maliwanag mula sa mga makasaysayang talaan*

**131** 1*a* D at T 76:70. GBK Kaluwalhatiang Selestiyal.
2*a* D at T 132:5–21. GBK Kadakilaan.
*b* GBK Kasal, Pagpapakasal—Bago at walang hanggang tipan ng kasal.
4*a* D at T 132:16–17.
5*a* 2 Ped. 1:19. GBK Pagkakatawag at Pagkakahirang.
*b* D at T 68:12; 88:4. GBK Buklod, Pagbubuklod.
*c* GBK Buhay na Walang Hanggan.
6*a* GBK Kaligtasan.
*b* D at T 107:99–100.
7*a* GBK Espiritu.
*b* D at T 76:12; 97:16; Moi. 1:11.

*na ang mga doktrina at alituntuning napapaloob sa paghahayag na ito ay ipinaalam sa Propeta mula pa noong 1831.*

*1–6, Ang kadakilaan ay matatamo sa pamamagitan ng bago at walang hanggang tipan; 7–14, Ang mga hinihingi at batayan ng tipang iyon ay ibinigay; 15–20, Ang selestiyal na pagpapakasal at ang pagpapatuloy ng mag-anak ay makapangyayaring maging mga diyos ang mga tao; 21–25, Ang makipot at makitid na landas ay patungo sa mga buhay na walang hanggan; 26–27, Ang batas ay ibinigay tungkol sa kalapastanganan laban sa Espiritu Santo; 28–39, Ang mga pangako ng walang hanggang pag-unlad at kadakilaan ay ginawa para sa mga propeta at Banal sa lahat ng panahon; 40–47, Si Joseph Smith ay binigyan ng kapangyarihang magtali at magbuklod sa lupa at sa langit; 48–50, Ibinuklod ng Panginoon sa kanya ang kanyang kadakilaan; 51–57, Si Emma Smith ay pinagpayuhan na maging matapat at totoo; 58–66, Mga batas na sumasaklaw sa pagkakaroon ng maraming asawang babae ay ibinigay.*

KATOTOHANAN, ganito ang wika ng Panginoon sa iyo na aking tagapaglingkod na si Joseph, na yayamang ikaw ay nagtanong sa aking kamay upang malaman at maunawaan kung saan ako, ang Panginoon, ay binigyang-katwiran ang aking mga tagapaglingkod na sina Abraham, Isaac at Jacob, gayon din sina Moises, David at Solomon, na aking mga tagapaglingkod, hinggil sa alituntunin at doktrina ng kanilang pagkakaroon ng maraming [a]asawa at kalunya—
2 Masdan, at narito, ako ang Panginoong mong Diyos, at tutugunin kita hinggil sa bagay na ito.
3 Samakatwid, [a]ihanda ang iyong puso upang tanggapin at sundin ang mga tagubiling aking ibibigay sa iyo; sapagkat ang lahat ng yaong mayroon ng batas na ito na ipinahayag sa kanila ay kailangang sundin ang gayon din.
4 Sapagkat masdan, ipinahahayag ko sa iyo ang isang bago at isang walang hanggang [a]tipan; at kung ikaw ay hindi tutupad sa tipang yaon, kung gayon ikaw ay [b]mapapahamak; sapagkat walang sinuman ang [c]makatatanggi sa tipang ito at mapahihintulutang pumasok sa aking kaluwalhatian.
5 Sapagkat lahat ng magkakaroon ng [a]pagpapala sa aking mga kamay ay susunod sa [b]batas na itinakda para sa pagpapalang yaon, at ang mga batayan nito, gaya ng pinasimulan bago pa ang pagkakatatag ng daigdig.

**132** 1*a* D at T 132:34; 37–39.
GBK Kasal, Pagpapakasal—Maramihang pagpapakasal.
3*a* D at T 29:8; 58:6; 78:7.
4*a* GBK Tipan.
*b* GBK Kapahamakan.
*c* D at T 131:1–4.
5*a* D at T 130:20–21.
*b* GBK Batas.

6 At tungkol sa bago at [a]walang hanggang tipan, ito ay pinasimulan para sa kaganapan ng aking [b]kaluwalhatian; at siya na tumatanggap ng kaganapan nito ay kailangan at dapat na sumunod sa batas, o siya ay mapapahamak, wika ng Panginoong Diyos.
7 At katotohanang aking sinasabi sa iyo, na ang mga [a]batayan ng batas na ito ay mga ito: Lahat ng tipan, kasunduan, pagkakabigkis, pananagutan, [b]sumpaan, panata, gawain, kaugnayan, samahan, o inaasahan, na hindi ginawa at pinasok sa at [c]ibinuklod ng [d]Banal na Espiritu ng pangako, sa kanya na hinirang, kapwa maging sa panahon at sa lahat ng kawalang-hanggan, at yaong ding pinakabanal, sa pamamagitan ng [e]paghahayag at kautusan sa pamamagitan ng pamamaraan ng aking hinirang, na aking itinalaga sa mundo upang hawakan ang kapangyarihang ito (at aking itinalaga sa aking tagapaglingkod na si Joseph na hawakan ang kapangyarihang ito sa mga huling araw, at wala kailanman maliban sa isa sa mundo sa panahon kung kanino ang kapangyarihang ito at ang mga [f]susi ng pagkasaserdoteng ito ay iginawad), ay wala ni kapangyarihan, bisa, o lakas sa at pagkaraan ng pagkabuhay na mag-uli mula sa patay; sapagkat lahat ng kasunduan na hindi ginawa sa layuning ito ay may katapusan kapag ang mga tao ay patay na.
8 Masdan, ang aking bahay ay isang bahay ng kaayusan, wika ng Panginoong Diyos, at hindi isang bahay ng kaguluhan.
9 Ako ba ay tatanggap ng isang [a]hain, wika ng Panginoon, na hindi ginawa sa aking pangalan?
10 O akin bang tatanggapin sa inyong mga kamay yaong hindi ko [a]itinakda?
11 At aking bang itatakda sa inyo, wika ng Panginoon, maliban sa ito ay sa pamamagitan ng batas, maging kagaya ko at ng aking Ama na [a]inordenan sa inyo, bago pa ang daigdig?
12 Ako ang Panginoon mong Diyos; at aking ibinibigay sa iyo ang kautusang ito—na walang sinuman ang [a]makalalapit sa Ama kundi sa pamamagitan ko o ng aking salita, na siyang aking batas, wika ng Panginoon.
13 At lahat ng bagay na nasa daigdig, maging ito man ay inordenan ng tao, ng trono, o mga pamunuan, o kapangyarihan, o bagay na may pangalan, anuman ang mga ito, na hindi sa pamamagitan ko o ng aking salita, wika ng Panginoon, ay

6*a* D at T 66:2. GBK Bago at Walang Hanggang Tipan.
*b* D at T 76:70, 92–96. GBK Kaluwalhatiang Selestiyal.
7*a* D at T 88:38–39.
*b* GBK Sumpa, Mga Sumpa.
*c* GBK Buklod, Pagbubuklod.
*d* GBK Banal na Espiritu ng Pangako.
*e* GBK Paghahayag.
*f* GBK Susi ng Pagkasaserdote, Mga.
9*a* Moro. 7:5–6. GBK Hain.
10*a* Lev. 22:20–25; Moi. 5:19–23.
11*a* D at T 132:5.
12*a* Juan 14:6.

ibabagsak, at [a]hindi mananatili pagkaraang ang mga tao ay patay na, ni sa o pagkatapos ng pagkabuhay na mag-uli, wika ng Panginoon mong Diyos.

14 Sapagkat anumang mga bagay ang manatili ay sa pamamagitan ko; at anumang mga bagay ang hindi sa pamamagitan ko ay panginginigin at wawasakin.

15 Samakatwid, kung ang isang lalaki ay [a]nagpakasal sa isang babae sa daigdig, at pinakasalan niya siya hindi sa pamamagitan ko ni sa aking salita, at siya ay nakipagtipan sa kanya habang siya ay nasa daigdig at siya sa kanya, ang kanilang tipan at kasal ay walang bisa kapag sila ay patay na, at kapag sila ay wala na sa daigdig; samakatwid, sila ay hindi nakatali sa anumang batas kapag sila ay wala na sa daigdig.

16 Samakatwid, kapag sila ay wala na sa daigdig sila ay hindi ikinasal ni [a]ipinakasal, kundi mga itinalagang anghel sa langit, yaong mga [b]anghel na mga tagapaglingkod, na maglilingkod sa yaong mga karapat-dapat ng isang mas higit, at labis, at walang hanggang bigat ng kaluwalhatian.

17 Dahil ang mga anghel na ito ay hindi sumunod sa aking batas; samakatwid, hindi sila maaaring dumami, kundi mananatiling hiwa-hiwalay at nag-iisa, walang kadakilaan, sa kanilang ligtas na kalagayan, sa lahat ng kawalang-hanggan; at mula ngayon ay hindi mga diyos, kundi mga anghel ng Diyos magpakailanman at walang katapusan.

18 At muli, katotohanang sinasabi ko sa iyo, kung ang isang lalaki ay nagpakasal sa isang babae, at gumawa ng tipan sa kanya sa panahon at sa lahat ng kawalang-hanggan, kung ang tipang iyon ay hindi sa pamamagitan ko o sa aking salita, na siyang aking batas, at hindi ibinuklod ng Banal na Espiritu ng pangako, sa pamamagitan niya na aking hinirang at itinakda sa kapangyarihang ito, kung gayon hindi ito tunay ni may bisa kapag sila ay wala na sa daigdig, sapagkat sila ay hindi ko pinag-isa, wika ng Panginoon, ni ng aking salita; kapag sila ay wala na sa daigdig hindi ito tatanggapin doon, sapagkat ang mga anghel at ang mga diyos ang itinalaga doon, kung kanino sila ay hindi makararaan; hindi nila, samakatwid, mamanahin ang aking kaluwalhatian; sapagkat ang aking bahay ay isang bahay ng kaayusan, wika ng Panginoong Diyos.

19 At muli, katotohanang sinasabi ko sa iyo, kung ang isang lalaki ay nagpakasal sa isang babae sa pamamagitan ng aking salita, na siyang aking batas, at sa pamamagitan ng [a]bago at wa-

13*a* 3 Ne. 27:10–11.
15*a* GBK Kasal, Pagpapakasal.
16*a* Mat. 22:23–33; Mar. 12:18–25; Lu. 20:27–36.
*b* GBK Anghel, Mga.
19*a* GBK Kasal, Pagpapakasal—Bago at walang hanggang tipan ng kasal.

lang hanggang tipan, at ito ay [b]ibinuklod sa kanila ng Banal na Espiritu ng [c]pangako, sa pamamagitan niya na siyang hinirang, kung kanino ko itinakda ang kapangyarihang ito at ang mga [d]susi ng pagkasaserdoteng ito; at sasabihin sa kanila—Kayo ay magbabangon sa unang pagkabuhay na mag-uli; at kung ito ay pagkaraan ng unang pagkabuhay na mag-uli, sa susunod na pagkabuhay na mag-uli; at magmamana ng mga [e]trono, kaharian, pamunuan, at kapangyarihan, mga sakop, lahat ng taas at lalim—sa gayon ito ay masusulat sa [f]Aklat ng Buhay ng Kordero, na siya ay hindi gagawa ng pagpaslang upang makapagpadanak ng dugo ng walang malay, at kung siya ay susunod sa aking tipan, at hindi gagawa ng pagpaslang upang makapagpadanak ng dugo ng walang malay, ito ay magagawa sa kanila sa lahat ng bagay anuman ang ipataw sa kanila ng aking tagapaglingkod, sa panahon, at sa lahat ng kawalang-hanggan; at magkakaroon ng buong bisa kapag sila ay wala na sa daigdig; at sila ay makararaan sa mga anghel, at sa mga diyos, na inilagay roon, tungo sa kanilang [g]kadakilaan at kaluwalhatian sa lahat ng bagay, na ibinuklod sa kanilang mga ulo, kung aling kaluwalhatian ay magiging isang kaganapan at isang pagpapatuloy ng mga binhi magpakailanman at walang katapusan.

20 Pagkatapos sila ay magiging mga diyos, sapagkat sila ay walang katapusan; samakatwid sila ay magiging mula sa kawalang-hanggan hanggang sa kawalang-hanggan, sapagkat sila ay magpapatuloy; sa gayon sila ay mangingibabaw sa lahat, sapagkat lahat ng bagay ay saklaw nila. Sa gayon sila ay magiging mga [a]diyos, sapagkat taglay nila ang [b]lahat ng kapangyarihan, at ang mga anghel ay saklaw nila.

21 Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa iyo, maliban sa kayo ay sumunod sa aking [a]batas hindi ninyo matatamo ang kaluwalhatiang ito.

22 Sapagkat [a]makipot ang pintuan, at makitid ang [b]daan na patungo sa kadakilaan at pagpapatuloy ng mga [c]buhay, at kakaunti ang makasusumpong noon, sapagkat hindi ninyo ako tinanggap sa daigdig ni hindi ninyo ako nakilala.

23 Subalit kung inyo akong tinanggap sa daigdig, sa gayon

19*b* GBK Buklod, Pagbubuklod.
*c* D at T 76:52–53; 88:3–4.
*d* GBK Susi ng Pagkasaserdote, Mga.
*e* Ex. 19:5–6; Apoc. 5:10; 20:6; D at T 76:56; 78:15, 18.
*f* GBK Aklat ng Buhay.
*g* GBK Kadakilaan.
20*a* Mat. 25:21; D at T 29:12–13; 132:37. GBK Tao, Mga Tao—Tao, may kakayahang maging katulad ng Ama sa Langit.
*b* D at T 50:26–29; 76:94–95; 84:35–39.
21*a* GBK Batas.
22*a* Lu. 13:24; 2 Ne. 33:9; Hel. 3:29–30.
*b* Mat. 7:13–14, 23; 2 Ne. 9:41; 31:17–21.
*c* D at T 132:30–31.

makikilala ninyo ako, at matanggap ang inyong kadakilaan; na kung [a]nasaan ako kayo ay makaparoroon din.
24 Ito ang mga [a]buhay na walang hanggan—na makilala ang nag-iisang marunong at tunay na Diyos, at si Jesucristo, na kanyang [b]isinugo. Ako siya. Tanggapin ninyo, samakatwid, ang aking batas.
25 [a]Malapad ang pintuan, at maluwang ang daan na patungo sa mga [b]kamatayan; at marami roon na nagsisipasok, sapagkat hindi nila ako [c]tinanggap, ni sumunod sila sa aking batas.
26 Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa iyo, kung ang isang lalaki ay nagpakasal sa isang babae alinsunod sa aking salita, at sila ay ibinuklod ng [a]Banal na Espiritu ng pangako, alinsunod sa aking pagkakatalaga, at ang lalaki o ang babae ay makagawa ng anumang kasalanan o paglabag sa bago at walang hanggang tipan, at lahat ng uri ng kalapastanganan, at kung sila ay hindi [b]nakagawa ng pagpaslang kung saan sila ay nagpadanak ng dugo ng walang malay, gayon pa man sila ay babangon sa unang pagkabuhay na mag-uli, at papasok sa kanilang kadakilaan; subalit sila ay wawasakin sa laman, at [c]ibibigay sa mga pagpapahirap ni [d]Satanas hanggang sa araw ng pagtubos, wika ng Panginoong Diyos.
27 Ang [a]kalapastanganan laban sa Espiritu Santo, na [b]hindi patatawarin sa daigdig ni sa labas ng daigdig, ay yaon na kayo ay makagawa ng pagpaslang kung saan kayo ay nagpadanak ng dugo ng walang malay, at sumasang-ayon sa aking kamatayan, pagkatapos ninyong matanggap ang aking bago at walang hanggang tipan, wika ng Panginoong Diyos; at siya na hindi sumusunod sa batas na ito ay hindi maaaring makapasok sa aking kaluwalhatian, kundi [c]mapapahamak, wika ng Panginoon.
28 Ako ang Panginoon mong Diyos, at ibibigay sa iyo ang batas ng aking Banal na Pagkasaserdote, tulad ng pag-orden ko at ng aking Ama bago pa ang daigdig.
29 Tinanggap ni [a]Abraham ang lahat ng bagay, anuman ang kanyang tinanggap, sa pamamagitan ng paghahayag at kautusan, sa pamamagitan ng

23*a* Juan 14:2–3.
24*a* Juan 17:3. GBK Buhay na Walang Hanggan.
*b* Juan 3:16–17; D at T 49:5.
25*a* Mat. 7:13–14; 3 Ne. 14:13–15.
*b* GBK Kamatayan, Espirituwal na.
*c* Juan 5:43.
26*a* GBK Banal na Espiritu ng Pangako.
*b* Alma 39:5–6.
*c* D at T 82:21; 104:9–10.
*d* GBK Diyablo.
27*a* GBK Lapastangan, Kalapastangan; Walang Kapatawarang Kasalanan.
*b* Mat. 12:31–32; Heb. 6:4–6; D at T 76:31–35. GBK Anak na Lalaki ng Kapahamakan, Mga.
*c* GBK Kapahamakan.
29*a* GBK Abraham.

aking salita, wika ng Panginoon, at pumasok sa kanyang kadakilaan at umupo sa kanyang trono.
30 Si Abraham ay tumanggap ng mga [a]pangako hinggil sa kanyang mga binhi, at ng bunga ng kanyang mga balakang—kung kaninong [b]balakang kayo ay nagmula, alalaong baga'y, ang aking tagapaglingkod na si Joseph—na magsisipagpatuloy habang sila ay nasa daigdig; at hinggil kay Abraham at sa kanyang mga binhi, sa labas ng daigdig sila ay dapat magpatuloy; kapwa sa daigdig at sa labas ng daigdig dapat silang magpatuloy katulad ng mga hindi mabilang na [c]bituin; o, kung kayo ay magbibilang ng buhangin sa dalampasigan hindi ninyo mabibilang ang mga ito.
31 Ang pangakong ito ay inyo rin, sapagkat kayo ay mula kay [a]Abraham, at ang pangako ay ginawa kay Abraham; at sa pamamagitan ng batas na ito ang pagpapatuloy ng mga gawain ng aking Ama, kung saan luluwalhatiin niya ang kanyang sarili.
32 Humayo kayo, samakatwid, at gawin ang mga [a]gawain ni Abraham; pumasok kayo sa aking batas at kayo ay maliligtas.
33 Subalit kung kayo ay hindi papasok sa aking batas hindi kayo makatatanggap ng pangako ng aking Ama, na kanyang ginawa kay Abraham.
34 [a]Inutusan ng Diyos si Abraham, at ibinigay ni [b]Sara si [c]Hagar kay Abraham upang maging asawa. At bakit niya ito ginawa? Sapagkat ito ang batas; at mula kay Hagar nagmula ang maraming tao. Ito, samakatwid, ay nagsasakatuparan, bukod sa ibang mga bagay, sa mga pangako.
35 Si Abraham ba, samakatwid, ay nasa ilalim ng kahatulan? Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hindi; sapagkat ako, ang Panginoon, ang [a]nag-utos nito.
36 Si Abraham ay [a]inutusan na ialay ang kanyang anak na si [b]Isaac; gayon pa man, ito ay nasusulat: Huwag kang [c]papatay. Si Abraham, gayon man, ay hindi tumanggi, at ito ay ipinalalagay sa kanya sa [d]kabutihan.
37 Si Abraham ay tumanggap ng mga [a]kalunya, at sila ay nagsilang sa kanya ng mga anak; at ito ay ipinalagay sa kanya sa kabutihan, sapagkat sila ay ibinigay sa kanya, at siya ay sumunod sa aking batas; gaya rin ni Isaac at ni [b]Jacob ay walang gi-

30*a* Gen. 12:1–3; 13:16. GBK Abraham—Ang binhi ni Abraham; Tipang Abraham.
*b* 2 Ne. 3:6–16.
*c* Gen. 15:5; 22:17.
31*a* D at T 86:8–11; 110:12.
32*a* Juan 8:39; Alma 5:22–24.
34*a* Gen. 16:1–3.
*b* GBK Sara.
*c* Gen. 25:12–18. GBK Agar.
35*a* Jac. 2:24–30.
36*a* Gen. 22:2–12.
*b* GBK Isaac.
*c* Ex. 20:13.
*d* Jac. 4:5. GBK Matwid, Katwiran.
37*a* IE mga iba pang asawa. Gen. 25:5–6.
*b* Gen. 30:1–4; D at T 133:55. GBK Jacob, Anak ni Isaac.

nawang ibang bagay maliban sa yaong iniutos sa kanila; at sapagkat hindi sila gumawa ng anumang bagay maliban sa yaong iniutos sa kanila, sila ay pumasok sa kanilang [c]kadakilaan, alinsunod sa mga pangako, at umupo sa mga trono, at hindi mga anghel kundi mga diyos.

38 Si [a]David din ay tumanggap ng [b]maraming asawa at kalunya, at pati rin sina Solomon at Moises na aking mga tagapaglingkod, gaya rin ng marami sa iba ko pang mga tagapaglingkod, mula sa simula ng paglikha hanggang sa panahong ito; at sa walang bagay sila ay nagkasala maliban sa yaong mga bagay na hindi nila tinanggap sa akin.

39 Ang mga asawa at kalunya ni David ay [a]ibinigay ko sa kanya, sa pamamagitan ng kamay ni Nathan, ang aking tagapaglingkod, at ang iba pa sa mga propeta na may mga [b]susi ng kapangyarihang ito; at wala sa mga bagay na ito siya nagkasala laban sa akin maliban sa kaso ni [c]Uria at ng kanyang asawa; at samakatwid siya ay bumagsak mula sa kanyang kadakilaan, at tinanggap ang kanyang bahagi; at hindi niya mamamana ang mga ito sa labas ng daigdig, sapagkat [d]ibinigay ko ang mga ito sa iba, wika ng Panginoon.

40 Ako ang Panginoon mong Diyos, at aking ibinibigay sa iyo, aking tagapaglingkod na Joseph, ang isang pagtatalaga, at [a]panumbalikin ang lahat ng bagay. Hilingin kung ano ang nais mo, at ito ay ibibigay sa iyo alinsunod sa aking salita.

41 At yayamang ikaw ay nagtanong hinggil sa pakikiapid, katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa iyo, kung ang isang lalaki ay tumanggap ng asawa sa bago at walang hanggang tipan, at kung siya ay pumisan sa ibang lalaki, at hindi ko itinalaga sa kanya sa pamamagitan ng banal na paghirang, siya ay nagkasala ng pakikiapid at wawasakin.

42 At kung siya ay wala sa bago at walang hanggang tipan, at siya ay pumisan sa ibang lalaki, siya ay [a]nagkasala ng pakikiapid.

43 At kung ang kanyang asawa ay pumisan sa ibang babae, at siya ay nasa ilalim ng isang [a]panata, kanyang sinira ang kanyang panata at nagkasala ng pakikiapid.

44 At kung siya ay hindi nagkasala ng pakikiapid, kundi walang malay at hindi sinira ang kanyang panata, at kanya itong

37*c* GBK Kadakilaan; Tao, Mga Tao—Tao, may kakayahang maging katulad ng Ama sa Langit.
38*a* GBK David.
*b* 1 Sam. 25:42–43; 2 Sam. 5:13; 1 Hari 11:1–3.
39*a* 2 Sam. 12:7–8.
*b* GBK Susi ng Pagkasaserdote, Mga.
*c* 2 Sam. 11:4, 27; 12:9; 1 Hari 15:5. GBK Pakikiapid; Pagpaslang.
*d* Jer. 8:10.
40*a* JS—K 1:33. GBK Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo.
42*a* D at T 42:22–26.
43*a* GBK Tipan; Kasal, Pagpapakasal.

alam, at ipinahahayag ko ito sa iyo, aking tagapaglingkod na Joseph, sa gayon magkakaroon ka ng kapangyarihan, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng aking Banal na Pagkasaserdote, na kunin siya at ibigay siya sa kanya na hindi nagkasala ng pakikiapid kundi naging [a]matapat; sapagkat siya ay gagawing tagapamahala sa marami.

45 Sapagkat aking iginawad sa iyo ang mga [a]susi at kapangyarihan ng pagkasaserdote, kung saan aking [b]pinanumbalik ang lahat ng bagay, at ipinaalam sa iyo ang lahat ng bagay sa takdang panahon.

46 At katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa iyo, na anumang bagay na iyong ibuklod sa lupa ay [a]bubuklurin sa langit; at anumang bagay na iyong itali sa lupa, sa aking pangalan at sa pamamagitan ng aking salita, wika ng Panginoon, ito ay nakataling walang hanggang sa mga kalangitan; at kanino mang mga kasalanan ang iyong [b]patawarin sa lupa ay patatawarin ng walang hanggang sa mga kalangitan; at kanino mang kasalanan ang hindi mo patawarin sa lupa ay hindi patatawarin sa langit.

47 At muli, katotohanang sinasabi ko, sinuman ang iyong pagpalain ay aking pagpapalain, at sinuman ang iyong isumpa ay aking [a]isusumpa, wika ng Panginoon; sapagkat ako, ang Panginoon, ay iyong Diyos.

48 At muli, katotohanang sinasabi ko sa iyo, aking tagapaglingkod na Joseph, na anuman ang iyong ibigay sa lupa, at kung kanino mo man ibigay ang anuman sa lupa, sa pamamagitan ng aking salita at alinsunod sa aking batas, ito ay dadalawin kalakip ang mga pagpapala at hindi mga sumpa, at sa pamamagitan ng aking kapangyarihan, wika ng Panginoon, at hindi magkakaroon ng kaparusahan sa lupa at sa langit.

49 Sapagkat ako, ang Panginoon mong Diyos, at lalaging kasama mo maging sa [a]katapusan ng daigdig, at sa lahat ng kawalang-hanggan; sapagkat katotohanang aking [b]ibinuklod sa iyo ang iyong [c]kadakilaan, at naghanda ng isang trono para sa iyo sa kaharian ng aking Ama, kasama ni Abraham na iyong [d]ama.

50 Masdan, nakita ko ang iyong mga [a]sakripisyo, at patatawarin ang lahat ng iyong mga kasalanan; nakita ko ang iyong mga sakripisyo sa pagsunod sa yaong aking sinabi sa iyo. Humayo, samakatwid, at ako ang gagawa ng paraan para sa iyong pagtakas, gaya

44*a* GBK Kalinisang-puri.
45*a* GBK Susi ng Pagkasaserdote, Mga.
*b* Gawa 3:21; D at T 86:10. GBK Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo.
46*a* GBK Buklod, Pagbubuklod.
*b* GBK Kapatawaran ng mga Kasalanan.
47*a* Gen. 12:1–3; D at T 124:93.
49*a* Mat. 28:20.
*b* D at T 68:12.
*c* D at T 5:22. GBK Pagkakatawag at Pagkakahirang.
*d* Gen. 17:1–8; 2 Ne. 8:2.
50*a* GBK Hain.

ng [b]pagtanggap ko sa pag-aalay
ni Abraham ng kanyang anak
na si Isaac.
51 Katotohanan, sinasabi ko sa
iyo: Isang kautusan ang aking
ibinibigay sa aking katulong na
babae, si Emma Smith, ang
iyong asawa, na aking ibinigay
sa iyo, na kanyang pigilan ang
kanyang sarili at huwag maki-
bahagi sa yaong aking iniutos
sa iyo na ialay sa kanya; sapag-
kat ginawa ko ito, wika ng Pa-
nginoon, upang subukin ka-
yong lahat, gaya ng aking gina-
wa kay Abraham, at upang
aking hingin ang isang pag-
aalay sa iyong kamay, sa pama-
magitan ng tipan at sakripisyo.
52 At tanggapin ng aking
katulong na babae, si [a]Emma
Smith, ang lahat ng yaong ibi-
nigay sa aking tagapaglingkod
na si Joseph, na mga katangi-
tangi at dalisay sa harapan ko;
at yaong mga hindi dalisay, at
nagsabi na sila ay dalisay, ay
wawasakin, wika ng Pangino-
ong Diyos.
53 Sapagkat ako ang Pangino-
on mong Diyos, at iyong susun-
din ang aking tinig; at aking
ibinibigay sa aking tagapagling-
kod na si Joseph na siya ay
gagawing tagapamahala sa ma-
raming bagay; sapagkat siya ay
naging [a]matapat sa ilang bagay,
at magmula ngayon akin siyang
palalakasin.
54 At aking inuutusan ang
aking katulong na babae, si
Emma Smith, na sumunod at
pumisan sa aking tagapagling-
kod na si Joseph, at sa wala nang
iba. Subalit kung hindi siya su-
sunod sa kautusang ito siya ay
wawasakin, wika ng Pangino-
on; sapagkat ako ang Pangino-
on mong Diyos, at wawasakin
siya kung hindi siya susunod
sa aking batas.
55 Subalit kung hindi siya su-
sunod sa kautusang ito, kung
gayon ang aking tagapagling-
kod na si Joseph ang gagawa
ng lahat ng bagay para sa kan-
ya, maging gaya ng kanyang
sinabi; at akin siyang pagpapa-
lain at pararamihin siya at ibi-
bigay sa kanya ang [a]makasan-
daan ng daigdig na ito, ng mga
ama at ina, mga kapatid na lala-
ki at babae, mga bahay at lupa-
in, mga asawa at anak, at mga
putong ng [b]buhay na walang
hanggan sa mga walang hang-
gang daigdig.
56 At muli, katotohanang si-
nasabi ko, [a]patawarin ng aking
katulong na babae ang aking
tagapaglingkod na si Joseph sa
kanyang mga kasalanan; at sa
gayon siya ay patatawarin sa
kanyang mga kasalanan, kung
saan siya ay nagkasala sa akin;
at ako, ang Panginoon mong
Diyos, ay pagpapalain siya, at
pararamihin siya, at pagagala-
kin ang kanyang puso.
57 At muli, sinasabi ko, hu-

50*b* Gen. 22:10–14; D at T 97:8.
52*a* GBK Smith, Emma Hale.
53*a* Mat. 25:21; D at T 52:13.
55*a* Mar. 10:28–31.
*b* GBK Mag-anak—Mag-anak na walang hanggan; Buhay na Walang Hanggan.
56*a* GBK Magpatawad.

wag hayaan ng aking tagapaglingkod na si Joseph na alisin ang kanyang ari-arian sa kanyang mga kamay, at baka ang kaaway ay dumating at wasakin siya; sapagkat si Satanas ay [a]naghahangad na mangwasak; sapagkat ako ang Panginoon mong Diyos, at siya ay aking tagapaglingkod; at masdan, at narito, ako ay kasama niya, gaya ng ako ay kasama ni Abraham, ang iyong ama, maging hanggang sa kanyang [b]kadakilaan at kaluwalhatian.

58 Ngayon, hinggil sa batas ng [a]pagkasaserdote, maraming bagay ang nauukol dito.

59 Katotohanan, kung ang isang lalaki ay tinawag ng aking Ama, gaya ni [a]Aaron, sa pamamagitan ng sarili kong tinig, at sa pamamagitan ng tinig niya na nagsugo sa akin, at ipinagkaloob ko sa kanya ang mga [b]susi ng kapangyarihan ng pagkasaserdoteng ito, kung siya ay gumagawa ng anumang bagay sa aking pangalan, at alinsunod sa aking batas at sa pamamagitan ng aking salita, siya ay hindi makagagawa ng kasalanan, at siya ay aking bibigyang-katwiran.

60 Huwag hayaan ang sinuman, samakatwid, na batikusin ang aking tagapaglingkod na si Joseph; sapagkat akin siyang bibigyang-katwiran; sapagkat kanyang gagawin ang sakripisyo na aking hinihingi sa kanyang mga kamay dahil sa kanyang mga paglabag, wika ng Panginoon mong Diyos.

61 At muli, hinggil sa batas ng pagkasaserdote—kung ang isang lalaki ay ikinasal sa isang [a]dalaga, at naghahangad na magpakasal sa [b]iba, at ang una ay ibinigay ang kanyang pagsang-ayon, at kung kanyang pinakasalan ang pangalawa, at sila ay mga dalaga, at hindi nanumpa sa kanino mang lalaki, sa gayon siya ay nabigyang-katwiran; siya ay hindi magkakasala ng pakikiapid sapagkat sila ay ibinigay sa kanya; sapagkat hindi siya magkakasala ng pakikiapid sa yaong pag-aari niya at hindi sa kanino man.

62 At kung siya ay may sampung dalaga na ibinigay sa kanya sa pamamagitan ng batas na ito, hindi siya magkakasala ng pakikiapid, sapagkat sila ay pag-aari niya, at sila ay ibinigay sa kanya; samakatwid siya ay nabigyang-katwiran.

63 Subalit kung ang isa o alinman sa sampung dalaga, pagkatapos na siya ay maikasal, ay pumisan sa ibang lalaki, siya ay nagkasala ng pakikiapid, at wawasakin; sapagkat sila ay ibinigay sa kanya upang [a]mag-

57*a* Mat. 10:28.
*b* GBK Kadakilaan.
58*a* D at T 84:19–26. GBK Pagkasaserdote.
59*a* Heb. 5:4. GBK Aaron—Kapatid ni Moises.
*b* GBK Susi ng Pagkasaserdote, Mga.
61*a* GBK Birhen.
*b* Opisyal na Pahayag—1. GBK Kasal, Pagpapakasal—Maramihang pagpapakasal.
63*a* Gen. 1:26–28; Jac. 2:30.

pakarami at kalatan ang lupa, alinsunod sa aking kautusan, at upang tuparin ang pangakong ibinigay ng aking Ama bago pa ang pagkakatatag ng daigdig at para sa kanilang kadakilaan sa walang hanggang mga daigdig, upang sila ay magsilang ng mga kaluluwa ng tao; sapagkat dito ang [b]gawain ng aking Ama ay nagpatuloy, upang siya ay luwalhatiin.

64 At muli, katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa iyo, kung ang isang lalaki ay may asawa, na humahawak ng mga susi ng kapangyarihang ito, at kanyang itinuturo sa kanya ang batas ng aking pagkasaserdote, na nauukol sa mga bagay na ito, sa gayon siya ay maniniwala at dumalo sa kanya, o siya ay mawawasak, wika ng Panginoon mong Diyos; sapagkat akin siyang wawasakin; sapagkat aking palalakihin ang aking pangalan sa lahat ng yaong tumatanggap at sumusunod sa aking batas.

65 Samakatwid, ito ay makatarungan sa akin, kung hindi niya tinanggap ang batas na ito, na kanyang tanggapin ang lahat ng bagay kung anuman ang aking, ang Panginoon niyang Diyos, ay ibibigay sa kanya, sapagkat siya ay hindi naniwala at dumalo sa kanya alinsunod sa aking salita; at siya kung gayon ay naging tagalabag; at siya ay disaklaw ng batas ni Sara, na dumalo kay Abraham alinsunod sa batas nang aking utusan si Abraham na kunin si Hagar upang maging asawa.

66 At ngayon, hinggil sa batas na ito, katotohanan, aking sinasabi sa iyo, ako ay magpapahayag ng marami pa sa iyo, pagkaraan nito; samakatwid, maging sapat ito sa kasalukuyan. Masdan, ako ang Alpha at Omega. Amen.

## BAHAGI 133

*Paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta, sa Hiram, Ohio, ika-3 ng Nobyembre, 1831 (*History of the Church, *1:229–234). Sa pagsisimula ng paghahayag na ito ang Propeta ay sumulat, "Sa panahong ito maraming bagay ang ninanais malaman ng mga Elder kaugnay ng pangangaral ng Ebanghelyo sa mga naninirahan sa mundo, at hinggil sa pagtitipon; at upang makalakad sa tunay na liwanag, at matagubilinan mula sa kaitaasan, noong ika-3 ng Nobyembre, 1831, ako ay nagtanong sa Panginoon at natanggap ang sumusunod na mahalagang paghahayag" (*History of the Church, *1:229). Ang bahaging ito ay unang idinagdag sa aklat ng Doktrina at mga Tipan bilang isang apendise at sa dakong huli ay pinalagyan ng isang bilang ang bahagi.*

*1–6, Ang mga Banal ay inutusang maghanda para sa Ikalawang Pagparito; 7–16, Lahat ng tao ay inutusang umalis sa Babilonia, mag-*

63*b* Moi. 1:39.

*tungo sa Sion, at maghanda para sa dakilang araw ng Panginoon; 17–35, Siya ay tatayo sa Bundok ng Sion, ang mga lupalop ay magiging isang lupain, at ang mga nawawalang lipi ni Israel ay mangagbabalikan; 36–40, Ang ebanghelyo ay napanumbalik sa pamamagitan ni Joseph Smith upang maipangaral sa buong sanlibutan; 41–51, Ang Panginoon ay bababa sa paghihiganti sa masasama; 52–56, Ito ay magiging taon ng kanyang mga tinubos; 57–74, Ang ebanghelyo ay palalaganapin upang iligtas ang mga Banal at para sa pagkalipol ng masasama.*

MAKINIG, O kayong mga
tao ng aking simbahan,
wika ng Panginoon ninyong
Diyos, at pakinggan ang salita
ng Panginoon hinggil sa inyo—
2 Ang Panginoon na biglaang
[a]paparito sa kanyang templo;
ang Panginoon na bababa sa
daigdig na may sumpa sa [b]paghatol;
oo, sa lahat ng bansa na
nakalimot sa Diyos, at sa lahat
ng makasalanan sa inyo.
3 Sapagkat kanyang [a]ipakikita
ang kanyang banal na bisig sa
mga mata ng lahat ng bansa, at
ang lahat ng nasa dulo ng mundo
ay makikita ang [b]pagliligtas
ng kanilang Diyos.
4 Samakatwid, maghanda
kayo, maghanda kayo, O aking
mga tao; pabanalin ang inyong
sarili; magtipon kayong magkakasama,
O kayong mga tao
ng aking simbahan, sa lupain ng
Sion, lahat kayong hindi inutusang
mamalagi.
5 Lumabas kayo sa [a]Babilonia.
Maging [b]malinis kayo na nagdadala
ng mga sisidlan ng Panginoon.
6 Tumawag kayo ng mga kapita-pitagang
kapulungan, at madalas
na [a]makipag-usap sa isa't
isa. At tumawag ang bawat tao
sa pangalan ng Panginoon.
7 Oo, katotohanang sinasabi ko
sa inyong muli, ang panahon ay
dumating na nang ang tinig ng
Panginoon ay sumasainyo: Lumabas
kayo sa Babilonia; [a]magtipon
kayo mula sa mga bansa,
mula sa [b]apat na hangin, mula
sa isang dulo ng langit hanggang
sa isa pa.
8 [a]Isugo ang mga elder ng
aking simbahan sa mga bansa
na malalayo; sa mga [b]pulo sa
dagat; isugo sa mga banyagang
lupain; manawagan sa lahat ng
bansa, una sa mga [c]Gentil, at
pagkatapos sa mga [d]Judio.
9 At masdan, at narito, ito ang
kanilang magiging pahayag, at
ang tinig ng Panginoon sa lahat

**133** 2*a* Mal. 3:1; D at T 36:8.
*b* D at T 1:36. GBK Jesucristo—Hukom.
3*a* Is. 52:10.
*b* Is. 12:2; 52:10. GBK Plano ng Pagtubos; Kaligtasan.
5*a* Alma 5:57; D at T 1:16. GBK Babel, Babilonia; Kamunduhan.
*b* 2 Tim. 2:21; 3 Ne. 20:41; D at T 38:42. GBK Dalisay, Kadalisayan.
6*a* Mal. 3:16–18.
7*a* D at T 29:8. GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
*b* Zac. 2:6–7; Mar. 13:27.
8*a* GBK Gawaing Pangmisyonero.
*b* Is. 11:11; 1 Ne. 22:4; 2 Ne. 10:8, 20.
*c* GBK Gentil, Mga.
*d* GBK Judio, Mga.

ng tao: Magtungo kayo sa lupain ng Sion, upang ang mga hangganan ng aking mga tao ay mapalawak, at ang kanyang mga [a]istaka ay mapalakas, at upang ang [b]Sion ay kumalat sa mga lugar sa paligid.
10 Oo, paratingin ang pahayag sa lahat ng tao: Gumising at magbangon at humayo upang salubungin ang [a]Lalaking kasintahan; masdan at narito, ang Lalaking kasintahan ay dumarating; humayo kayo upang salubungin siya. Ihanda ang inyong sarili para sa [b]dakilang araw ng Panginoon.
11 [a]Magbantay, samakatwid, sapagkat hindi ninyo [b]alam ang araw ni ang oras.
12 Patakasin sila, samakatwid, na [a]nasa mga Gentil patungo sa [b]Sion.
13 At sila na mula kay [a]Juda na tumakas patungo sa [b]Jerusalem, sa mga [c]bundok sa [d]bahay ng Panginoon.
14 Lumabas kayo mula sa mga bansa, maging mula sa Babilonia, mula sa gitna ng kasamaan, na espirituwal na Babilonia.
15 Subalit katotohanan, ganito ang wika ng Panginoon, huwag maging [a]madalian ang inyong pagtakas, kundi ihanda ang lahat ng bagay sa harapan ninyo; at siya na umaalis, [b]huwag siyang palingunin at baka ang biglaang pagkawasak ay mapasakanya.
16 Makinig at pakinggan, O kayong mga naninirahan sa mundo. [a]Makinig, kayong mga elder ng aking simbahan na samasama, at pakinggan ang tinig ng Panginoon; sapagkat siya ay nananawagan sa lahat ng tao, at kanyang inuutusan ang lahat ng tao sa lahat ng dako na [b]magsisi.
17 Sapagkat masdan, ang Panginoong Diyos ay [a]nagsugo ng anghel na sumisigaw sa gitna ng langit, sinasabing: Ihanda ninyo ang daan ng Panginoon, at gawin ang kanyang mga landas na [b]tuwid, sapagkat ang oras ng kanyang [c]pagparito ay nalalapit na—
18 Kung kailan ang [a]Kordero ay tatayo sa [b]Bundok ng Sion, at kasama niya ang [c]isandaan at apatnapung libo, na may nakasulat na pangalan ng kanyang Ama sa kanilang mga noo.
19 Samakatwid, maghanda kayo para sa [a]pagparito ng

9*a* Is. 54:2. GBK Istaka.
*b* GBK Sion.
10*a* Mat. 25:6; D at T 33:17–18; 45:54–59. GBK Kasintahang Lalaki.
*b* D at T 1:12–14.
11*a* Mar. 13:32–37; JS—M 1:46, 48.
*b* D at T 49:7.
12*a* D at T 38:31, 42.
*b* GBK Sion.
13*a* GBK Juda.
*b* GBK Jerusalem.
*c* Is. 2:1–3; Ez. 38:8.
*d* Awit 122:1–9.
15*a* Is. 52:10–12; D at T 58:56.
*b* Gen. 19:17, 26; Lu. 9:62.
16*a* D at T 1:1–6.
*b* GBK Magsisi, Pagsisisi.
17*a* D at T 13:1; 27:7–8; 88:92.
*b* Is. 40:3–5.
*c* Mal. 3:1.
18*a* Apoc. 14:1. GBK Kordero ng Diyos.
*b* D at T 84:2.
*c* Apoc. 7:1–4.
19*a* Mat. 25:1–13; D at T 33:17–18; 88:92. GBK Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.

[b]Lalaking kasintahan; humayo kayo, humayo kayo upang salubungin siya.
20 Sapagkat masdan, siya ay [a]tatayo sa bundok ng Olivet, at sa ibabaw ng makapangyarihang dagat, maging ang malawak na kailaliman, at sa mga pulo sa dagat, at sa lupain ng Sion.
21 At kanyang [a]ipahahayag ang kanyang tinig mula sa [b]Sion, at siya ay mangungusap mula sa Jerusalem, at ang kanyang tinig ay maririnig ng lahat ng tao.
22 At ito ay magiging tinig gaya ng [a]tinig ng maraming tubig, at gaya ng tinig ng malakas na [b]kulog, na [c]gigiba ng mga kabundukan, at ang mga lambak ay hindi matatagpuan.
23 Kanyang uutusan ang malawak na kalaliman, at ito ay itataboy pabalik sa mga bansa sa hilaga, at ang mga [a]pulo ay magiging isang lupain;
24 At ang [a]lupain ng Jerusalem at ang lupain ng Sion ay ibabalik sa kanilang sariling lugar, at ang mundo ay magiging tulad noong sa mga araw bago pa ito [b]nahati.
25 At ang Panginoon, maging ang Tagapagligtas, ay tatayo sa gitna ng kanyang mga tao, at [a]maghahari sa lahat ng laman.
26 At sila na nasa [a]hilagang mga bansa ay darating sa pagaalaala sa harapan ng Panginoon; at ang kanilang mga propeta ay maririnig ang kanyang tinig, at hindi na mapipigilan ang kanilang sarili; at kanilang hahampasin ang mga bato, at ang yelo ay aagos pababa sa kanilang harapan.
27 At isang [a]lansangan ay itataas sa malawak na kalaliman.
28 Ang kanilang mga kaaway ay magiging isang huli sa kanila.
29 At sa mga [a]tigang na disyerto ay may lalabas na mga lawa ng buhay na tubig; at ang tuyong lupa ay hindi na magiging isang nauuhaw na lupa.
30 At kanilang dadalhin ang kanilang mahahalagang kayamanan sa mga anak ni [a]Ephraim, na aking mga tagapaglingkod.
31 At ang mga hangganan ng mga walang hanggang [a]burol ay mayayanig sa kanilang harapan.
32 At doon sila ay magsisiluhod at puputungan ng kaluwalhatian, maging sa Sion, ng mga

19*b* GBK Kasintahang Lalaki.
20*a* Zac. 14:4; D at T 45:48–53.
21*a* Joel 3:16; Amos 1:2.
*b* Is. 2:2–4.
22*a* Ez. 43:2; Apoc. 1:15; D at T 110:3.
*b* Awit 77:18; Apoc. 14:2.
*c* Huk. 5:5; Is. 40:4; 64:1; Apoc. 16:20; D at T 49:23; 109:74.
23*a* Apoc. 6:14.
24*a* GBK Jerusalem.
*b* Gen. 10:25. GBK Mundo—Pagkakahati ng mundo.
25*a* GBK Jesucristo—Paghaharing milenyal ni Cristo.
26*a* Jer. 16:14–15; D at T 110:11. GBK Israel—Ang sampung nawawalang lipi ni Israel.
27*a* Is. 11:15–16; 2 Ne. 21:16.
29*a* Is. 35:6–7.
30*a* Zac. 10:7–12. GBK Ephraim—Ang lipi ni Ephraim.
31*a* Gen. 49:26.

kamay ng mga tagapaglingkod
ng Panginoon, maging ang mga
anak ni Ephraim.
33 At sila ay mapupuspos ng
mga [a]awit ng walang hanggang
kagalakan.
34 Masdan, ito ang pagpapala
ng Diyos na walang hanggan sa
mga [a]lipi ni Israel, at ang higit
na mahahalagang pagpapala sa
ulo ni [b]Ephraim at ng kanyang
mga kasama.
35 At sila rin sa lipi ni [a]Juda,
pagkatapos ng kanilang sakit,
ay pababanalin sa [b]kabanalan sa
harapan ng Panginoon, upang
manahanan sa kanyang kinaro-
roonan araw at gabi, magpa-
kailanman at walang katapu-
san.
36 At ngayon, katotohanang
wika ng Panginoon, upang ang
mga bagay na ito ay maipaa-
lam sa inyo, O mga naninira-
han sa mundo, aking isinugo
ang aking [a]anghel na lumilipad
sa gitna ng langit, taglay ang
walang hanggang [b]ebanghelyo,
na nagpakita sa ilan at ipinag-
katiwala ito sa tao, na magpa-
pakita sa marami na naninira-
han sa mundo.
37 At ang [a]ebanghelyong ito
ay [b]ipangangaral sa [c]lahat ng
bansa, at lahi, at wika, at tao.
38 At ang mga tagapaglingkod
ng Diyos ay hahayo, nagsasabi
sa malakas na tinig: Matakot sa
Diyos at magbigay-luwalhati sa
kanya, sapagkat ang oras ng
kanyang paghahatol ay duma-
ting na;
39 At [a]sambahin siya na gu-
mawa ng langit, at lupa, at ng
dagat, at ng mga bukal ng mga
tubig—
40 Nananawagan sa pangalan
ng Panginoon araw at gabi, nag-
sasabing: O na inyong [a]punitin
ang kalangitan, na kayo ay bu-
maba, upang ang mga bundok
ay umagos pababa sa inyong
harapan.
41 At ito ay sagutin sa kani-
lang mga ulo; sapagkat ang
pagharap ng Panginoon ay ma-
giging tulad ng pantunaw na
apoy na nagliliyab, at tulad ng
apoy na nagiging dahilan ng
[a]pagkulo ng mga tubig.
42 O Panginoon, kayo ay ba-
baba upang ipaalam ang inyong
pangalan sa inyong mga kaa-
way, at lahat ng bansa ay ma-
nginginig sa inyong harapan—
43 Kapag kayo ay gumawa ng
mga kakila-kilabot na bagay,
mga bagay na hindi nila ina-
asahan;
44 Oo, kapag kayo ay bumaba,
at ang mga bundok ay aagos pa-
baba sa inyong harapan, inyong
[a]sasalubungin siya na mga na-
gagalak at gumagawa ng kabu-
tihan, na mga naaalaala kayo sa
inyong mga pamamaraan.

33*a* Is. 35:10; 51:11; D at T 66:11.
34*a* GBK Israel—Ang labindalawang lipi ni Israel.
*b* Gen. 48:14–20; 1 Cron. 5:1–2; Eter 13:7–10.
35*a* GBK Juda—Ang lipi ni Juda.
*b* GBK Kabanalan.
36*a* Apoc. 14:6–7; D at T 20:5–12.
*b* GBK Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo.
37*a* GBK Ebanghelyo.
*b* GBK Gawaing Pangmisyonero; Mangaral.
*c* D at T 42:58.
39*a* GBK Pagsamba.
40*a* Is. 64:1–2.
41*a* Job 41:31.
44*a* 1 Tes. 4:15–18.

45 Sapagkat magmula pa sa
simula ng daigdig ay hindi pa
narinig ng mga tao ni nauna-
waan ng tainga, ni ng anumang
mata ay nakita, O Diyos, bukod
sa inyo, anong mga dakilang
bagay ang inyong [a]inihanda
para sa kanya na [b]naghihintay
sa inyo.
46 At ito ay sasabihin: [a]Sino ito
na [b]bumababa mula sa Diyos sa
langit na may tininang kasuo-
tan; oo, mula sa mga lupaing
hindi kilala, nadaramitan ng
kanyang maluwalhating kasu-
otan, naglalakbay sa kapangya-
rihan ng kanyang lakas?
47 At kanyang sasabihin: Ako
siya na nangungusap sa kabu-
tihan, na makapangyarihan
upang magligtas.
48 At ang Panginoon ay [a]pula
sa kanyang kasuotan, at ang
kanyang mga kasuotan ay tu-
lad niya na yumapak sa talyasi
ng alak.
49 At napakadakila ang ma-
giging kaluwalhatian ng kan-
yang pagharap kung kaya't ang
[a]araw ay magkukubli ng kan-
yang mukha sa kahihiyan, at
ang buwan ay magkakait ng
kanyang liwanag, at ang mga
bituin ay hahagis mula sa kani-
lang mga lugar.
50 At ang kanyang tinig ay
maririnig: Aking [a]tinapakan ang
pisaan ng ubas nang mag-isa,
at nagbigay ng paghuhukom sa
lahat ng tao; at walang sinuman
ang kasama ko;
51 At akin silang niyurakan sa
aking matinding galit, at niya-
pakan ko sila sa aking galit, at
ang kanilang dugo ay aking
[a]iwinilig sa aking mga kasuo-
tan, at nabahiran ang lahat ng
aking damit; sapagkat ito ay
araw ng paghihiganti na nasa
aking puso.
52 At ngayon ang taon ng
aking mga tinubos ay dumating
na; at kanilang babanggitin ang
mapagkandiling pagmamahal
ng kanilang Panginoon, at lahat
ng kanyang ipinagkaloob sa
kanila alinsunod sa kanyang
kabutihan, at alinsunod sa kan-
yang mapagkandiling pagma-
mahal, magpakailanman at wa-
lang katapusan.
53 Sa lahat nilang [a]paghihirap
siya ay naghirap. At ang anghel
na nasa kanyang harapan ay ini-
ligtas sila; sa kanyang [b]pag-ibig,
at sa kanyang awa, kanyang
[c]tinubos sila, at kanyang kinilik
sila, at kinalong silang lahat no-
ong araw;
54 Oo, at si [a]Enoc din, at sila na
kasama niya; at ang mga pro-
peta na nauna sa kanya; at si

45*a* Is. 64:4; 1 Cor. 2:9.
*b* Panag. 3:25; 2 Ne. 6:7, 13.
46*a* Is. 63:1–2.
*b* GBK Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
48*a* Gen. 49:11–12; Lu. 22:44; Apoc. 19:11–15; PJS, Apoc. 19:15; Mos. 3:7; D at T 19:18.
49*a* Is. 13:10; 24:23; D at T 45:42; 88:87.
50*a* Is. 63:2–3; D at T 76:107; 88:106.
51*a* Lev. 8:30.
53*a* Is. 63:4–9.
*b* GBK Pag-ibig sa Kapwa-tao.
*c* GBK Tubos, Tinubos, Pagtubos.
54*a* GBK Enoc.

[b]Noe rin, at sila na mga nauna
sa kanya; at si [c]Moises din, at
sila na mga nauna sa kanya;
55 At mula kay Moises hang-
gang kay Elijah at mula kay
Elijah hanggang kay Juan, na
nakasama ni Cristo sa kanyang
[a]pagkabuhay na mag-uli, at
ang mga banal na apostol, ka-
sama nina Abraham, Isaac, at
Jacob, ay nasa kinaroroonan ng
Kordero.
56 At ang mga [a]libingan ng
mga [b]banal ay [c]mabubuksan; at
sila ay magbabangon at tatayo
sa [d]kanang kamay ng Kordero,
kapag siya ay tatayo sa [e]Bun-
dok ng Sion, at sa banal na
lunsod, ang [f]Bagong Jerusalem;
at kanilang aawitin ang [g]awit
ng [h]Kordero, araw at gabi
magpakailanman at walang
katapusan.
57 At sa kadahilanang ito,
upang ang mga tao ay maging
mga kasalo sa mga [a]kaluwalha-
tiang ipahahayag, ipinadala ng
Panginoon ang kabuuan ng kan-
yang [b]ebanghelyo, ang kanyang
walang hanggang tipan, nagpa-
paliwanag sa kalinawan at ka-
payakan—
58 Upang ihanda ang mahihina
para sa yaong mga bagay na sa-
sapit sa mundo, at para sa utos
ng Panginoon sa araw kung ka-
ilan ang [a]mahihina ay lilituhin
ang marurunong, at ang [b]maliit
ay gagawing isang malakas na
bansa, at [c]dalawa ang magpa-
patakas sa kanilang mga sam-
pu-sampung libo.
59 At sa pamamagitan ng ma-
hihinang bagay ng mundo [a]hi-
himayin ng Panginoon ang
mga bansa sa pamamagitan ng
kapangyarihan ng kanyang Es-
piritu.
60 At sa kadahilanang ito ang
mga kautusang ito ay ibinigay;
ang mga ito ay iniutos na itago
mula sa sanlibutan sa araw na
ang mga ito ay ibinigay, subalit
ngayon ay [a]ipahahayag na sa
[b]lahat ng laman—
61 At ito ay alinsunod sa isip
at kalooban ng Panginoon, na
namamahala sa lahat ng laman.
62 At sa kanya na [a]nagsisisi at
[b]pinababanal ang kanyang sarili
sa harapan ng Panginoon ay bi-
bigyan ng [c]buhay na walang
hanggan.
63 At sa kanila na hindi [a]naki-
kinig sa tinig ng Panginoon ay
matutupad yaong isinulat ng

54*b* GBK Noe, Patriyarka sa Biblia.
*c* GBK Moises.
55*a* GBK Pagkabuhay na Mag-uli.
56*a* D at T 29:13.
*b* GBK Banal (pangngalan).
*c* D at T 45:45–46; 88:96–97.
*d* Mat. 25:33–34.
*e* Is. 24:23; Apoc. 14:1; D at T 76:66; 84:2, 98–102.
*f* GBK Bagong Jerusalem.
*g* Apoc. 15:3; D at T 84:98–102.
*h* GBK Kordero ng Diyos.
57*a* GBK Antas ng Kaluwalhatian, Mga.
*b* GBK Ebanghelyo.
58*a* Mat. 11:25; 1 Cor. 1:27; Alma 32:23; 37:6–7.
*b* Is. 60:22.
*c* Deut. 32:29–30.
59*a* Mi. 4:11–13.
60*a* D at T 104:58–59.
*b* D at T 1:2.
62*a* GBK Magsisi, Pagsisisi.
*b* D at T 88:74. GBK Pagpapabanal.
*c* GBK Buhay na Walang Hanggan.
63*a* GBK Makinig.

propetang si Moises, na sila ay [b]ihihiwalay mula sa mga tao.
64 At yaon ding isinulat ng propetang si [a]Malakias: Sapagkat, masdan, ang [b]araw ay darating na [c]masusunog tulad sa hurnuhan, at lahat ng palalo, oo, at lahat ng yaong gumagawa ng kasamaan, ay magiging pinaggapasan; at ang araw na darating ay susunugin sila, wika ng Panginoon ng mga hukbo, na iiwan silang walang ugat ni sanga.
65 Samakatwid, ito ang magiging tugon ng Panginoon sa kanila:
66 Sa araw na yaon nang ako ay pumarito sa sariling akin, walang sinuman sa inyo ang [a]tumanggap sa akin, at kayo ay itinaboy palabas.
67 Nang ako ay tumawag muli wala sa inyo ang tumugon; gayon pa man ang aking [a]bisig ay hindi man lamang umigsi na hindi ako maaaring makatubos, ni ang aking [b]kapangyarihan upang magligtas.
68 Masdan, sa aking pagsaway [a]pinatuyo ko ang dagat. Aking pinaging ilang ang mga ilog; ang kanilang isda ay bumabaho, at namamatay dahil sa uhaw.
69 Aking dinamitan ang kalangitan ng kadiliman, at gumawa ng magaspang na kayo na kanilang panakip.
70 At [a]ito ang tatamuhin ninyo sa aking kamay—kayo ay hihiga sa kalungkutan.
71 Masdan, at narito, walang sinuman ang makapagliligtas sa inyo; sapagkat hindi ninyo sinunod ang aking tinig nang nanawagan ako sa inyo mula sa kalangitan; hindi kayo naniwala sa aking mga tagapaglingkod, at nang sila ay [a]isinugo sa inyo ay hindi ninyo sila tinanggap.
72 Samakatwid, kanilang [a]tinatakan ang patotoo at iginapos ang batas, at kayo ay mga ipinaubaya sa kadiliman.
73 Ang mga ito ay hahayo sa labas na kadiliman, kung saan doon ay may [a]pagtangis, at panaghoy, at pagngangalit ng mga ngipin.
74 Masdan ang Panginoon ninyong Diyos ang nangusap nito. Amen.

## BAHAGI 134

*Isang pahayag ng paniniwala tungkol sa mga pamahalaan at batas na pangkalahatan, pinagtibay nang buong pagkakaisa sa isang pangkalaha-*

63*b* Gawa 3:22–23; 1 Ne. 22:20–21; 3 Ne. 20:23; 21:11; D at T 1:14; JS—K 1:40.
64*a* Mal. 4:1. GBK Malakias.
*b* JS—K 1:36–37.
*c* Is. 66:15–16; 1 Ne. 22:15; 3 Ne. 25:1; D at T 29:9; 64:24. GBK Mundo—Paglilinis ng mundo.
66*a* Juan 1:11.
67*a* 2 Ne. 28:32.
*b* Is. 50:2; 2 Ne. 7:2.
68*a* Ex. 14:21; Jos. 3:14–17.
70*a* Is. 50:11.
71*a* 2 Cron. 36:15–16; Jer. 44:4–5.
72*a* Is. 8:16–20.
73*a* Mat. 8:11–12; Lu. 13:28; D at T 19:5. GBK Kadiliman, Espirituwal na; Impiyerno.

*tang pagtitipon ng Simbahan na ginanap sa Kirtland, Ohio, ika-17 ng Agosto 1835 (*History of the Church, *2:247–249). Ang pagkakataon ay isang pagpupulong ng mga pinuno ng Simbahan, na nagsama-sama upang isaalang-alang ang mga mungkahing nilalaman ng naunang edisyon ng Doktrina at mga Tipan. Sa panahong yaon, ang pahayag na ito ay binigyan ng sumusunod na panimula: "Upang ang ating paniniwala tungkol sa mga panlupang pamahalaan at batas na pangkalahatan ay hindi mabigyan ng ibang pakahulugan o hindi maunawaan, aming naisip na nararapat na maglahad, sa pagtatapos ng tomong ito, ng aming kuru-kuro hinggil sa nabanggit" (*History of the Church, *2:247).*

*1–4, Ang mga pamahalaan ay dapat mangalaga sa kalayaan ng budhi at pagsamba; 5–8, Ang lahat ng tao ay dapat itaguyod ang kanilang mga pamahalaan at nararapat gumalang at magpitagan sa batas; 9–10, Ang mga samahang pangrelihiyon ay hindi dapat gumamit ng mga kapangyarihang sibil; 11–12, Ang tao ay binibigyang-katwiran sa pagtatanggol sa kanilang sarili at sa kanilang ari-arian.*

KAMI ay naniniwala na ang mga [a]pamahalaan ay itinatag ng Diyos para sa kapakinabangan ng tao; at kanyang [b]pinananagot ang mga tao sa kanilang mga gawa na may kaugnayan sa mga ito, kapwa sa paggawa ng mga batas at pagpapatupad sa mga ito, para sa ikabubuti at kaligtasan ng lipunan.

2 Kami ay naniniwala na walang pamahalaang makaiiral sa kapayapaan, maliban kung ang gayong mga batas ay binalangkas at ipinalagay na hindi malalabag nang masiguro sa bawat tao ang [a]malayang paggamit ng [b]budhi, ang karapatan at pamamahala ng ari-arian, at ang [c]pangangalaga ng buhay.

3 Kami ay naniniwala na ang lahat ng pamahalaan ay kinakailangang humingi ng mga pambayang [a]pinunong sibil at mga hukom upang ipatupad ang mga batas ng gayon din; at yaong mamamahala ng batas na pantay-pantay at makatarungan ay nararapat hanapin at itaguyod ng tinig ng mga tao kung isang republika, o ang kagustuhan ng pinakamataas na pinuno.

4 Kami ay naniniwala na ang relihiyon ay itinatag ng Diyos; at ang tao ay masunurin sa kanya, at sa kanya lamang, para sa pagpapapairal nito, maliban kung ang kanilang mga pangrelihiyong kuru-kuro ay magbubunsod sa kanila na manghimasok sa mga karapatan at kalayaan ng iba; subalit kami ay hindi naniniwala na ang batas ng tao ay may karapatang makialam sa mga iniatas na alituntunin ng

**134** 1*a* D at T 98:4–7; S ng P 1:12.
*b* GBK Mananagot, Pananagutan, May Pananagutan.
2*a* GBK Kalayaang Mamili.
*b* GBK Budhi.
*c* D at T 42:18–19.
3*a* D at T 98:8–10.

[a]pagsamba upang igapos ang mga budhi ng tao, o magdikta ng mga uri para sa pangmadla o pansariling pagsamba; na ang pambayang hukom ay nararapat na sugpuin ang krimen, subalit hindi kailanman pamahalaan ang budhi; nararapat parusahan ang may pagkakasala, subalit di kailanman sawatahin ang kalayaan ng kaluluwa.

5 Kami ay naniniwala na ang lahat ng tao ay may pananagutan na pagtibayin at itaguyod ang kani-kanilang mga pamahalaan kung saan sila naninirahan, habang pinangangalagaan sa kanilang likas at hindi maikakait na mga karapatan ng mga batas ng mga gayong pamahalaan; at yaong panunulsol at [a]paghihimagsik laban sa pamahalaan ay di nararapat sa bawat mamamayang sa ganito pinangangalagaan, at nararapat na parusahan nang naaayon; at na ang lahat ng pamahalaan ay may karapatang magpatupad ng mga batas na sa kanilang sariling paghuhusga ay kinalkulang pinakamahusay upang tiyakin ang kapakanan ng madla; at gayon man, kaalinsabay nito, pinamamamalaging banal ang kalayaan ng budhi.

6 Kami ay naniniwala na ang bawat tao ay nararapat igalang sa kanyang katayuan, tulad ng mga pinuno at hukom, na itinalaga para sa pangangalaga sa mga walang malay at pagpaparusa sa mga nagkasala; at sa mga [a]batas ang lahat ng tao ay nararapat gumalang at magpitagan, dahil kung wala ang mga ito ang kapayapaan at pagkakaisa ay mahahalinhan ng kaguluhang pambansa at sindak; ang mga batas ng tao ay itinatag para sa malinaw na layuning pangalagaan ang ating mga kapakanan bilang mga tao at bansa, sa pagitan ng tao at tao; at mga banal na batas na ibinigay ng langit, nag-aatas ng mga alituntunin na may kinalaman sa espirituwal na bagay, para sa pananampalataya at pagsamba, na kapwa pananagutan ng tao sa kanyang Tagapaglikha.

7 Kami ay naniniwala na ang mga pinuno, bansa, at pamahalaan ay may karapatan, at may pananagutang ipatupad ang mga batas para sa pangangalaga ng lahat ng mamamayan sa malayang pagtupad ng kanilang pangrelihiyong paniniwala; subalit kami ay hindi naniniwala na sila ay may karapatan sa katarungan na alisan ang mga mamamayan ng pribilehiyong ito, o pagbawalan sila sa kanilang mga kuru-kuro, hanggang ang pagsasaalang-alang at paggalang na ipinakikita sa mga batas at ang ganoong mga pangrelihiyong kuru-kuro na ito ay hindi magbibigay-katwiran sa panunulsol ni pagsasabwatan laban sa pamahalaan.

8 Kami ay naniniwala na ang paggawa ng krimen ay nararapat [a]parusahan alinsunod sa

4*a* Alma 21:21–22; S ng P 1:11. GBK Pagsamba.
5*a* S ng P 1:12. GBK Paghihimagsik.
6*a* D at T 58:21; 88:34.
8*a* Alma 30:7–11; D at T 42:84–87.

uri ng pagkakasala; na ang pag-
paslang, pagtataksil, panloloob,
pagnanakaw, at ang paggamba-
la sa pangkalahatang kapayapa-
an, sa lahat ng kadahilanan, ay
nararapat parusahan alinsunod
sa kanilang kasamaan at sa kani-
lang pagkahilig sa masama ng
mga tao, sa pamamagitan ng
mga batas ng yaong pamahala-
an na kung saan ang pagkakasa-
la ay nagawa; at para sa kapaya-
paan ng madla at katahimikan
ng lahat ng tao ay nararapat hu-
makbang pasulong at gamitin
ang kanilang kakayahan sa pag-
dadala ng mga nagkakasala la-
ban sa mabubuting batas sa ka-
parusahan.
9 Kami ay hindi naniniwala
na makatarungang isama ang
pangrelihiyong kapangyarihan
sa pamahalaang sibil, na kung
saan ang isang pangrelihiyong
samahan ay pinagyayaman at
ang iba pa ay pinagbabawalan
nito sa mga espirituwal na pri-
bilehiyo, at ang mga pansari-
ling karapatan ng mga kasapi
nito, bilang mga mamamayan,
ay ipinagkakait.
10 Kami ay naniniwala na ang
lahat ng pangrelihiyong sama-
han ay may karapatang hara-
pin ang kanilang mga kasapi
dahil sa di-wastong asal, alin-
sunod sa mga alituntunin at pa-
mamalakad ng nasabing mga
samahan; kung ang mga pag-
harap ay para sa pakikipagkai-
bigan at mabuting katayuan;
subalit kami ay hindi nanini-
wala na ang anumang pangre-
lihiyong samahan ay may kara-
patang litisin ang mga tao sa
karapatan sa ari-arian o buhay,
upang kunin sa kanila ang mga
pandaigdig na ari-arian, o ila-
gay sila sa panganib maging
buhay o bisig, o magpataw sa
kanila ng anumang pangkata-
wang kaparusahan. Kanila la-
mang [a]maititiwalag sila mula
sa kanilang samahan, at bawiin
mula sa kanila ang kanilang pa-
kikipagkaibigan.
11 Kami ay naniniwala na ang
mga tao ay nararapat umapela
sa batas sibil upang iwasto ang
lahat ng pang-aapi at karai-
ngan, kung saan ang pansari-
ling pang-aabuso ay ipinataw o
ang karapatan sa ari-arian o ang
pagkatao ay pinanghimasukan,
kung saan ang mga batas ay
umiiral upang pangalagaan ang
gayon din; subalit kami ay na-
niniwala na ang lahat ng tao ay
mabibigyang-katwiran sa pag-
tatanggol ng kanilang sarili,
kanilang mga kaibigan, at ari-
arian, at ang pamahalaan, mula
sa mga labag sa batas na pagsa-
lakay at mga panghihimasok
sa lahat ng tao sa panahon ng
kagipitan, na kung saan ang
mabilisang pag-aapela ay hindi
magagawa sa mga batas, at
kaginhawaan ay maidulot.
12 Kami ay naniniwala na
makatarungang [a]ipangaral ang
ebanghelyo sa mga bansa ng
mundo, at balaan ang mabubu-
ti na iligtas ang kanilang sarili

10*a* GBK Pagtitiwalag.
12*a* GBK Gawaing Pangmisyonero; Mangaral.

mula sa katiwalian ng sanlibutan; subalit kami ay hindi naniniwala na makatarungang makialam sa mga alipin, ni ipangaral ang ebanghelyo, o binyagan sila salungat sa kagustuhan at kahilingan ng kanilang mga panginoon, o makialam o sila ay impluwensiyahan kahit gaano upang di-masiyahan sa kanilang mga kalagayan sa buhay na ito, sa gayong paraan ay isinusuong sa panganib ang buhay ng mga tao; ang mga ganitong panghihimasok ay pinaniniwalaan naming labag sa batas at di-makatarungan, at mapanganib sa kapayapaan ng bawat pamahalaan na pahintulutan ang mga tao na malagay sa pagkaalipin.

## BAHAGI 135

*Ang pagkakamartir ni Joseph Smith, ang Propeta, at ng kanyang kapatid, si Hyrum Smith, ang Patriyarka, sa Carthage, Illinois, ika-27 ng Hunyo, 1844 (* History of the Church, *6:629–631). Ang kasulatang ito ay isinulat ni Elder John Taylor ng Kapulungan ng Labindalawa, na naging saksi sa mga pangyayari.*

*1–2, Sina Joseph at Hyrum ay naging martir sa Piitan ng Carthage; 3, Ang nakatataas na kalagayan ng Propeta ay ipinagbunyi; 4–7, Ang kanilang walang salang dugo ay nagpatotoo sa katotohanan at kabanalan ng gawain.*

UPANG tatakan ang patotoo ng aklat na ito at ng Aklat ni Mormon, aming ipinaaalam ang [a]pagkakamartir nina [b]Joseph Smith, ang Propeta, at Hyrum Smith, ang Patriyarka. Sila ay binaril sa piitan ng [c]Carthage noong ika-27 ng Hunyo, 1844, mga ikalima ng gabi, ng mga armadong mandurumog—na napipinturahang itim—na mga 150 hanggang 200 katao. Si [d]Hyrum ang nabaril na una at bumagsak nang mahinahon, napabulalas: *Ako ay isa nang patay na tao!* Si Joseph ay lumundag mula sa bintana, at nabaril sa kanyang pagtatangka, napabulalas: *O Panginoon kong Diyos!* Sila ay kapwa binaril pagkatapos na sila ay mamatay, sa isang malupit na pamamaraan, at kapwa nakatanggap ng apat na bala.

2 Sina [a]John Taylor at Willard Richards, dalawa sa Labindalawa, ay siyang mga tao lamang na nasa loob ng silid nang oras na yaon; ang una ay nasugatan sa malupit na pamamaraan sa pamamagitan ng apat na bala, subalit kalaunan ay gumaling; ang ikalawa, sa awa at tulong ng Diyos, ay nakatakas, na wala kahit isang butas sa kanyang bata.

**135** 1*a* D at T 5:22; 6:30. GBK Martir, Pagkamartir.
*b* GBK Smith, Joseph, Jr.
*c* GBK Piitan ng Carthage (USA).
*d* GBK Smith, Hyrum.
2*a* GBK Taylor, John.

3 Si Joseph Smith, ang [a]Propeta at [b]Tagakita ng Panginoon, ay nakagawa nang higit pa, maliban lamang kay Jesus, para sa kaligtasan ng mga tao sa daigdig na ito, kaysa sa sinumang tao na kailanman ay nabuhay rito. Sa maikling panahon ng dalawampung taon, kanyang inilabas ang Aklat ni Mormon, na kanyang isinalin sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos, at siya ring naging daan ng pagkakalathala nito sa dalawang lupalop; ipinadala ang [c]kabuuan ng walang hanggang ebanghelyo, na nilalaman nito, sa apat na sulok ng mundo; inilabas ang mga paghahayag at kautusang bumubuo sa aklat na ito ng Doktrina at mga Tipan, at marami pang ibang magagaling na kasulatan at mga tagubilin para sa kapakinabangan ng mga anak ng tao; tinipon ang maraming libu-libong Banal sa mga Huling Araw, nagtayo ng isang [d]malaking lunsod, at nag-iwan ng katanyagan at pangalan na hindi maaaring mapatay. Siya ay nabuhay na dakila, at siya ay namatay na dakila sa paningin ng Diyos at ng kanyang mga tao; at gaya ng karamihan sa hinirang ng Panginoon noong mga sinaunang panahon, ay tinatakan ang kanyang misyon at kanyang mga gawain ng kanyang sariling [e]dugo; at gayon din ang kanyang kapatid na si Hyrum. Sa buhay sila ay hindi nagkalayo, at sa kamatayan sila ay hindi pinaghiwalay!

4 Nang si Joseph ay magtungo sa Carthage upang isuko ang kanyang sarili sa mga pakunwaring hinihingi ng batas, dalawa o tatlong araw bago ang pagpatay sa kanya, sinabi niya: "Ako ay patutungong gaya ng isang [a]kordero sa katayan; subalit ako ay mahinahon gaya ng isang umaga sa tag-araw; ako ay may budhi na walang kasalanan sa harapan ng Diyos, at sa lahat ng tao. AKO AY MAMAMATAY NA WALANG KASALANAN, AT ITO ANG MASASABI TUNGKOL SA AKIN—SIYA AY PINASLANG NANG WALANG HABAG."—Sa umaga ring yaon, pagkatapos makapaghandang umalis si Hyrum—masasabi bang sa katayan? oo, sapagkat gayon na nga ito—binasa niya ang sumusunod na talata, sa bandang katapusan ng ikalabindalawang kabanata ng Eter, sa Aklat ni Mormon, at binuklat ang dahon sa ibabaw nito:

5 *At ito ay nangyari na, na ako ay nanalangin sa Panginoon na biyayaan niya ang mga Gentil, upang sila ay magkaroon ng pag-ibig sa kapwa-tao. At ito ay nangyari na, na sinabi sa akin ng Panginoon: Kung wala silang pag-ibig sa kapwa-tao ay hindi na ito mahalaga*

3*a* GBK Propeta.
*b* GBK Tagakita.
*c* D at T 35:17; 42:12. GBK Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo.
*d* GBK Nauvoo, Illinois (USA).
*e* Heb. 9:16–17; D at T 136:39.
4*a* Is. 53:7.

*sa iyo, ikaw ay naging matapat; kaya nga ang iyong mga kasuotan ay gagawing* [a]*malinis. At dahil sa kinilala mo ang iyong kahinaan, ikaw ay gagawing malakas, maging hanggang sa pag-upo sa lugar na inihanda ko sa mga mansiyon ng aking Ama. At ngayon ako . . . ay nagpapaalam na sa mga Gentil; oo, at gayon din sa aking mga kapatid na minamahal ko, hanggang sa muli tayong magkita sa harapan ng* [b]*hukumang-luklukan ni Cristo, kung saan malalaman ng lahat ng tao na hindi nabahiran ng inyong dugo ang aking mga kasuotan.* Ang mga [c]saksi ay patay na ngayon, at ang kanilang patotoo ay may bisa.

6 Si Hyrum Smith ay apatnapu at apat na taong gulang noong Pebrero, 1844, at si Joseph Smith ay tatlumpu at walo noong Disyembre, 1843; at mula ngayon ang kanilang mga pangalan ay mabibilang sa mga martir ng relihiyon; at ang mga mambabasa sa lahat ng bansa ay mapaaalalahanan na ang Aklat ni Mormon, at ang aklat na ito ng Doktrina at mga Tipan ng simbahan, ay binayaran ng pinakamahusay na dugo ng ikalabingsiyam na siglo upang ilabas ang mga ito para sa kaligtasan ng isang nawasak na daigdig; at kung ang apoy ay makatutupok ng isang [a]luntiang puno para sa kaluwalhatian ng Diyos, gaano kadali nitong susunugin ang mga tuyong puno upang padalisayin ang ubasan ng kabulukan. Sila ay nabuhay para sa kaluwalhatian; sila ay namatay para sa kaluwalhatian; at kaluwalhatian ang kanilang walang hanggang gantimpala. Sa pana-panahon ang kanilang mga pangalan ay maipapasa sa mga angkang susunod gaya ng mga hiyas para sa mga pinabanal.

7 Sila ay walang sala na anumang krimen, gaya ng madalas na mapatunayan nila noon pa, at nakukulong lamang sa piitan dahil sa pagsasabwatan ng mga taksil at masasamang tao; at ang kanilang *walang salang dugo* sa sahig ng piitan ng Carthage ay isang malaking tatak na nakakapit sa "Mormonism" na hindi maaaring itatwa ng anumang hukuman sa mundo, at ang kanilang *walang salang dugo* sa kalasag ng Estado ng Illinois, lakip ang nasirang tiwala ng Estado gaya ng ipinangako ng gobernador, ay isang pagpapatunay sa katotohanan ng walang hanggang ebanghelyo na hindi mauusig ng buong sanlibutan; at ang kanilang *walang salang dugo* sa bandila ng kalayaan, at sa *magna carta* ng Estados Unidos, ay isang sugo para sa relihiyon ni Jesucristo, na aantig sa mga puso ng matatapat na tao sa lahat ng bansa; at ang kanilang *walang salang dugo* kasama ang mga walang salang dugo ng lahat ng martir sa ilalim ng [a]dambanang nakita ni Juan, ay magsusumamo sa Pa-

5*a* D at T 88:74–75.
*b* Eter 12:36–38.
*c* Heb. 9:16–17.
6*a* Lu. 23:31.
7*a* Apoc. 6:9.

nginoon ng mga Hukbo hang-
gang sa kanyang maipaghigan-
ti ang dugong yaon sa mundo.
Amen.

## BAHAGI 136

*Ang salita at kalooban ng Panginoon, ibinigay sa pamamagitan ni Pangulong Brigham Young sa Winter Quarters, ng kampo ng Israel, Omaha Nation, sa kanlurang pampang ng ilog ng Missouri, malapit sa Council Bluffs, Iowa (*Journal History of the Church*, ika-14 ng Enero 1847).*

*1–16, Paano bubuuin ang kampo ng Israel para sa pakanlurang paglalakbay ay ipinaliwanag; 17–27, Ang mga Banal ay inutusang mamuhay sa pamamagitan ng napakaraming pamantayan ng ebanghelyo; 28–33, Ang mga Banal ay nararapat magsiawit, sumayaw, manalangin, at matuto ng karunungan; 34–42, Ang mga propeta ay pinapaslang upang sila ay maparangalan at ang masasama ay maparusahan.*

ANG Salita at Kalooban ng
Panginoon hinggil sa Kam-
po ng Israel sa kanilang pagla-
lakbay patungong Kanluran:
2 Bumuo ng mga samahan ang
lahat ng tao ng Ang [a]Simbahan
ni Jesucristo ng mga Banal sa
mga Huling Araw, at yaong mga
naglalakbay na kasama nila, ay
mabuo sa mga samahan lakip
ang isang tipan at pangakong
susundin ang lahat ng kautu-
san at batas ng Panginoon na-
ting Diyos.
3 Bumuo ng mga samahan
nang may mga kapitan ng mga
[a]isandaan, mga kapitan ng mga
limampu, at mga kapitan ng
mga sampu, na may isang pa-
ngulo at kanyang dalawang ta-
gapayo sa kanilang puno, sa ila-
lim ng tagubilin ng Labindala-
wang [b]Apostol.
4 At ito ang ating magiging
[a]tipan—na tayo ay [b]lalakad sa
lahat ng [c]ordenansa ng Pa-
nginoon.
5 Maglaan ang bawat samahan
para sa kanilang sarili ng lahat
ng pangkat, bagon, pagkain, da-
mit, at iba pang mga kakaila-
nganin sa paglalakbay na kaya
nila.
6 Kapag ang mga samahan ay
nabuo na pahayuin sila nang
kanilang buong lakas, upang
maghanda para sa mga yaong
maiiwan.
7 Bawat samahan, kasama ang
kanilang mga kapitan at pangu-
lo, ay magpasiya kung gaano
karami ang maaaring makaalis
sa susunod na tagsibol; pagka-
tapos ay pumili ng sapat na bi-
lang ng may malalakas na pa-
ngangatawan at mga sanay na

**136** 2*a* GBK Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Ang.
3*a* Ex. 18:21–26.
*b* GBK Apostol.
4*a* GBK Tipan.
*b* GBK Lumakad, Lumakad na Kasama ng Diyos.
*c* GBK Ordenansa, Mga.

lalaki, upang magdala ng mga pangkat, binhi, at kagamitang pansaka, upang humayo bilang mga tagapanguna at maghanda para sa pagtatanim ng mga pananim na pantagsibol.

8 Bawat samahan ay magdala ng magkasukat na panustos, alinsunod sa pakinabang ng kanilang ari-arian, sa pagsasama sa mga [a]maralita, [b]balo, [c]ulila sa ama, at sa mag-anak ng mga yaong umanib sa hukbo, upang ang mga daing ng mga balo at ng mga ulila sa ama ay hindi makarating sa mga tainga ng Panginoon laban sa mga taong ito.

9 Bawat samahan ay maghanda ng mga bahay, at bukid na mapagtataniman ng butil, para sa mga yaong maiiwan sa panahong ito; at ito ang kalooban ng Panginoon hinggil sa kanyang mga tao.

10 Gamitin ng bawat tao ang lahat ng kanyang impluwensiya at ari-arian upang ilikas ang mga taong ito sa lugar na pagtatayuan ng Panginoon ng isang [a]istaka ng Sion.

11 At kung gagawin ninyo ito nang may dalisay na puso, nang buong katapatan, kayo ay [a]pagpapalain; kayo ay pagpapalain sa inyong mga tupahan, at sa inyong mga bakahan, at sa inyong mga bukid, at sa inyong mga bahay, at sa inyong mga mag-anak.

12 Magbuo ng samahan ang aking mga tagapaglingkod na sina Ezra T. Benson at Erastus Snow.

13 Magbuo ng samahan ang aking mga tagapaglingkod na sina Orson Pratt at Wilford Woodruff.

14 Gayon din, magbuo ng samahan ang aking mga tagapaglingkod na sina Amasa Lyman at George A. Smith.

15 At magtalaga ng mga pangulo, at kapitan ng mga daan-daan, at ng mga lima-limampu, at ng mga sampu-sampu.

16 At magsihayo at ang aking mga tagapaglingkod na natalaga at ituro ito, ang aking kalooban, sa mga banal, nang sila ay maging handa upang magtungo sa lupain ng kapayapaan.

17 Humayo sa inyong landas at gawin ang gaya ng sinabi ko sa inyo, at huwag katakutan ang inyong mga kaaway; sapagkat sila ay hindi magkakaroon ng kapangyarihang pigilin ang aking gawain.

18 Ang Sion ay [a]matutubos sa aking sariling takdang panahon.

19 At kung sinumang tao ang maghangad na iangat ang kanyang sarili, at hindi hahanapin ang aking [a]payo, siya ay hindi magkakaroon ng kapangyarihan, at ang kanyang kahangalan ay malalantad.

20 Hanapin ninyo; at [a]tuparin ang lahat ng inyong pangako sa

8*a* GBK Maralita.
*b* GBK Babaing Balo.
*c* Sant. 1:27; 3 Ne. 24:5.
10*a* GBK Istaka.
11*a* Deut. 28:1–14. GBK Pagpapala, Pagpapalain, Pinagpala.
18*a* D at T 100:13.
19*a* GBK Payo.
20*a* GBK Matapat, Katapatan.

isa't isa; at huwag [b]pag-imbutan
yaong sa inyong kapatid.
21 [a]Ilayo ang inyong sarili
mula sa masama upang gami-
tin ang pangalan ng Panginoon
sa walang kabuluhan, sapagkat
ako ang Panginoon ninyong
Diyos, maging ang [b]Diyos ng
inyong mga ama, ang Diyos ni
Abraham at ni Isaac at ni Jacob.
22 [a]Ako ang siyang nag-akay
sa mga anak ni Israel palabas ng
lupain ng Egipto; at ang aking
bisig ay nakaunat sa mga huling
araw, upang [b]iligtas ang aking
mga taong Israel.
23 Tumigil sa [a]pakikipagtalo
sa isa't isa; tumigil sa pagsasa-
lita ng [b]masama sa isa't isa.
24 Tumigil sa [a]kalasingan; at
ang inyong mga salita ay ma-
uwi sa [b]pagpapatibay sa isa't
isa.
25 Kung kayo ay humiram sa
inyong kapwa, inyong ibabalik
yaong inyong [a]hiniram; at kung
kayo ay hindi makababayad sa
gayon ay magtungo kaagad at
sabihin sa inyong kapwa, at
baka kanya kayong isumpa.
26 Kung inyong matatagpuan
yaong [a]nawala sa inyong kap-
wa, kayo ay magsumigasig na
maghanap hanggang sa inyong
maibigay na muli ito sa kanya.
27 Kayo ay maging [a]masigasig
sa pag-iingat ng anumang may-
roon kayo, nang kayo ay ma-
ging marunong na [b]katiwala;
dahil ito ay walang bayad na
kaloob ng Panginoon ninyong
Diyos, at kayo ay kanyang kati-
wala.
28 Kung kayo ay masaya, pu-
rihin ang Panginoon sa pama-
magitan ng [a]pag-awit, ng musi-
ka, ng pagsasayaw, at ng isang
[b]panalangin ng papuri at [c]pasa-
salamat.
29 Kung kayo ay [a]malungkot,
manawagan sa Panginoon nin-
yong Diyos nang may pagsusu-
mamo, upang ang inyong mga
kaluluwa ay [b]mangagalak.
30 Huwag katakutan ang in-
yong mga kaaway, sapagkat
sila ay nasa aking mga kamay
at aking gagawin ang aking ka-
gustuhan sa kanila.
31 Ang aking mga tao ay kina-
kailangang [a]masubukan sa lahat
ng bagay, nang sila ay maging
handa sa pagtanggap ng [b]kalu-
walhatiang mayroon ako para
sa kanila, maging ang kaluwal-
hatian ng Sion; at siya na hindi

20*b* GBK Imbot.
21*a* GBK Pagkawalang-galang.
*b* Ex. 3:6; 1 Ne. 19:10.
22*a* Ex. 13:18; Jer. 2:5–7; 1 Ne. 5:15; Alma 36:28. GBK Jehova.
*b* Jer. 30:10; Ez. 20:33–34; D at T 38:33.
23*a* 3 Ne. 11:29–30. GBK Kaguluhan.
*b* D at T 20:54. GBK Pagsasalita nang Masama.
24*a* GBK Salita ng Karunungan.
*b* D at T 108:7.
25*a* Awit 37:21; Mos. 4:28. GBK Utang; Matapat, Katapatan.
26*a* Lev. 6:4; Deut. 22:3.
27*a* GBK Kasigasigan.
*b* GBK Katiwala, Ipinagkatiwala.
28*a* GBK Awitin.
*b* GBK Panalangin.
*c* 2 Cron. 5:13; D at T 59:15–16. GBK Salamat, Nagpapasalamat, Pasasalamat.
29*a* 2 Sam. 22:7.
*b* GBK Kagalakan.
31*a* D at T 101:4. GBK Pagdurusa.
*b* Rom. 8:18; D at T 58:3–4. GBK Kaluwalhatian.

makapagbabata ng [c]pagpapa-
rusa ay hindi karapat-dapat sa
aking kaharian.
32 Siya na walang alam ay
matuto ng [a]karunungan sa pa-
mamagitan ng [b]pagpapakum-
baba ng kanyang sarili at sa
pagtawag sa Panginoon niyang
Diyos, upang ang kanyang mga
mata ay mabuksan nang siya ay
makakita, at ang kanyang mga
tainga ay mabuksan nang siya
ay makarinig;
33 Sapagkat ang aking [a]Espiri-
tu ay isinugo sa daigdig upang
bigyang-liwanag ang mga ma-
pagpakumbaba at nagsisisi, at
para sa kaparusahan ng mga di
maka-diyos.
34 Ang inyong mga kapatid ay
itinakwil kayo at ang inyong
mga patotoo, maging ang bayan
na [a]nagtaboy sa inyo palabas;
35 At ngayon sumapit na ang
araw ng kanilang kapahama-
kan, maging ang mga araw ng
kalungkutan, tulad ng isang ba-
baing hindi nagkaanak; at ang
kanilang kalungkutan ay magi-
ging matindi maliban kung sila
ay kaagad na magsisisi, oo, nang
kaagad-agad.
36 Sapagkat kanilang pinatay
ang mga propeta, at sila na mga
isinugo sa kanila; at sila ay nag-
padanak ng dugo ng walang
sala, na nananaghoy mula sa
lupa laban sa kanila.
37 Samakatwid, huwag ma-
mangha sa mga bagay na ito,
sapagkat kayo ay hindi pa [a]da-
lisay; hindi pa ninyo matataga-
lan ang aking kaluwalhatian;
subalit inyo itong mamamalas
kung kayo ay matapat sa pag-
tupad sa lahat ng aking salita
na aking [b]ibinigay sa inyo,
mula noong mga araw ni Adan
hanggang kay Abraham, mula
kay Abraham hanggang kay
Moises, mula kay Moises hang-
gang kay Jesus at sa kanyang
mga apostol, at mula kay Jesus
at sa kanyang mga apostol
hanggang kay Joseph Smith,
na aking tinawag sa pamama-
gitan ng aking mga [c]anghel, na
aking mga tagapaglingkod, at
sa pamamagitan ng aking sa-
riling tinig mula sa kalangitan,
upang isagawa ang aking ga-
wain;
38 Kung aling saligan ay kan-
yang inilatag, at naging ma-
tapat; at siya ay kinuha ko sa
aking sarili.
39 Marami ang namangha da-
hil sa kanyang kamatayan; su-
balit kinakailangang kanyang
[a]tatakan ang kanyang [b]patotoo
ng kanyang [c]dugo, upang siya
ay maparangalan at ang masa-
sama ay maparusahan.
40 Hindi ba't iniligtas ko kayo
mula sa inyong mga [a]kaaway, sa
pamamagitan lamang noon ako

31*c* GBK Parusa, Pagpaparusa.
32*a* GBK Karunungan.
*b* GBK Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba.
33*a* GBK Espiritu Santo.
34*a* GBK Usigin, Pag-uusig.
37*a* GBK Dalisay, Kadalisayan.
*b* Hel. 8:18.
*c* Apoc. 14:6; D at T 110:11–16; 128:19–21; JS—K 1:30–47.
39*a* Mos. 17:20; D at T 135:3.
*b* GBK Patotoo.
*c* GBK Martir, Pagkamartir.
40*a* Ex. 23:22; D at T 8:4; 105:15.

ay nakapag-iwan ng saksi sa aking pangalan?
41 Ngayon, samakatwid, makinig, O kayong mga tao ng aking [a]simbahan; at kayong mga elder ay sama-samang makinig; inyong natanggap ang aking [b]kaharian.
42 Maging masigasig sa pagsunod sa lahat ng aking kautusan, upang hindi sumapit sa inyo ang mga kahatulan, at ang inyong pananampalataya ay manghina, at ang inyong mga kaaway ay magwagi sa inyo. Sa ngayon ay wala na muna. Amen at Amen.

## BAHAGI 137

*Isang pangitaing ibinigay kay Joseph Smith, ang Propeta, sa templo ng Kirtland, Ohio, ika-21 ng Enero 1836 (*History of the Church, *2:380–381). Ang pangyayari ay tungkol sa pangangasiwa ng mga ordenansa ng endowment kung hanggang saan ang mga ito ay ipinahayag.*

*1–6, Nakita ng Propeta ang kanyang kapatid na si Alvin sa kahariang selestiyal; 7–9, Ang doktrina ng kaligtasan para sa mga patay ay ipinahayag; 10, Lahat ng bata ay ligtas sa kahariang selestiyal.*

ANG [a]kalangitan ay nabuksan sa amin, at aking namalas ang [b]kahariang selestiyal ng Diyos, at ang kaluwalhatian niyaon, maging sa [c]katawan o sa wala nito ay hindi ko masabi.
2 Nakita ko ang kahanga-hangang kagandahan ng [a]pasukan kung saan ang mga tagapagmana ng kahariang iyon ay papasok, na tulad ng nakapaikot na [b]ningas ng apoy;
3 Gayundin ang [a]nagliliyab na trono ng Diyos, kung saan nakaupo ang [b]Ama at ang [c]Anak.
4 Nakita ko ang magagandang daan ng kahariang yaon, na sa ayos ay nalalatagan ng [a]ginto.
5 Nakita ko sina Amang [a]Adan at [b]Abraham; at ang aking [c]ama at aking [d]ina; ang aking kapatid na si [e]Alvin, na matagal nang natutulog.
6 At namangha kung paano niya natamo ang [a]pamana sa kahariang yaon, nalalamang kanyang nilisan ang buhay na ito bago pa iniunat ng Panginoon ang kanyang kamay upang ti-

---

41*a* GBK Simbahan ni Jesucristo.
*b* Dan. 7:27.
**137** 1*a* Gawa 7:55–56; 1 Ne. 1:8; Hel. 5:45–49; JS—K 1:43.
*b* GBK Kaluwalhatiang Selestiyal.
*c* 2 Cor. 12:2–4; 1 Ne. 11:1; Moi. 1:11.
2*a* 2 Ne. 9:41; 31:17.
*b* Ex. 24:17; Is. 33:14–15; Hel. 5:23; D at T 130:7.
3*a* Is. 6:1; Ez. 1:26–28.
*b* GBK Diyos, Panguluhang Diyos—Diyos Ama.
*c* GBK Diyos, Panguluhang Diyos—Diyos Anak.
4*a* Apoc. 21:21; D at T 110:2.
5*a* GBK Adan.
*b* D at T 132:29. GBK Abraham.
*c* D at T 124:19. GBK Smith, Joseph, Sr.
*d* GBK Smith, Lucy Mack.
*e* JS—K 1:4.
6*a* GBK Kaligtasan para sa mga Patay.

punin ang Israel sa [b]ikalawang
pagkakataon, at hindi pa [c]na-
binyagan para sa kapatawaran
ng mga kasalanan.
7 Sa ganito dumating ang
[a]tinig ng Panginoon sa akin,
sinasabing: Lahat ng nangama-
tay na [b]walang kaalaman sa
ebanghelyong ito, na kanilang
tatanggapin ito kung sila la-
mang ay pinahintulutang ma-
natili, ay magiging mga [c]taga-
pagmana ng [d]kahariang selesti-
yal ng Diyos;
8 Gayundin ang lahat ng ma-
mamatay magmula ngayon na
walang kaalaman dito, na [a]ta-
tanggap nito nang buo nilang
puso, ay magiging tagapagmana
ng kahariang yaon;
9 Sapagkat ako, ang Pangino-
on, ay [a]hahatulan ang lahat ng
tao alinsunod sa kanilang mga
[b]gawa, alinsunod sa [c]pagnanais
ng kanilang mga puso.
10 At namalas ko rin na ang
lahat ng batang namatay bago
sila sumapit sa [a]gulang ng pa-
nanagutan ay [b]ligtas sa kahari-
ang selestiyal ng langit.

## BAHAGI 138

*Isang pangitain na ibinigay kay Pangulong Joseph F. Smith sa Salt Lake City, Utah, noong ika-3 ng Oktubre 1918. Sa kanyang pambungad na talumpati sa ikawalumpu't siyam na Animang Buwang Pangkalahatang Pangpupulong ng Simbahan noong ika-4 ng Oktubre 1918, si Pangulong Smith ay nagpahayag na siya ay nakatanggap ng ilang banal na pakikipagtalastasan noong mga nakaraang buwan. Isa sa mga ito, ay hinggil sa pagdalaw ng Tagapagligtas sa mga espiritu ng mga patay habang ang kanyang katawan ay nasa libingan, na natanggap ni Pangulong Smith noong nakaraang araw. Ito ay isinulat kaagad kasunod ng pagtatapos ng pagpupulong. Noong ika-31 ng Oktubre 1918, ito ay iniharap sa mga tagapayo ng Unang Panguluhan, sa Kapulungan ng Labindalawa, at sa Patriyarka, at ito ay buong pagkakaisang tinanggap nila.*

*1–10, Si Pangulong Joseph F. Smith ay nagbulay-bulay sa mga isinulat ni Pedro at ang pagdalaw ng ating Panginoon sa daigdig ng mga espiritu; 11–24, Nakita ni Pangulong Smith ang mabubuting namatay na natipon sa paraiso at ang ministeryo ni Cristo sa kanila; 25–37,*

6*b* Is. 11:11; 1 Ne. 22:10–12; Jac. 6:2. GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
*c* Juan 3:3–5; 2 Ne. 9:23; Eter 4:18–19; D at T 76:50–52; 84:74. GBK Pagbibinyag, Binyagan.
7*a* Hel. 5:30. GBK Paghahayag.
*b* PJS, 1 Ped. 4:6; 2 Ne. 9:25–26; Mos. 15:24.
*c* D at T 76:50–70.
*d* GBK Kaluwalhatiang Selestiyal.
8*a* Alma 18:32; D at T 6:16.
9*a* Apoc. 20:12–13. GBK Paghuhukom, Ang Huling.
*b* GBK Gawa, Mga.
*c* D at T 64:34. GBK Puso.
10*a* GBK Mananagot, Pananagutan, May Pananagutan.
*b* GBK Kaligtasan—Kaligtasan ng mga bata.

*Nakita niya kung paano ang pangangaral ng ebanghelyo ay isinaayos sa mga espiritu; 38–52, Nakita niya sina Adan, Eva, at marami sa banal na propetang nasa daigdig ng mga espiritu na ipinalalagay na ang kanilang espiritung kalagayan bago ang kanilang pagkabuhay na mag-uli bilang isang pagkagapos; 53–60, Ang mabubuting namatay sa araw na ito ay magpapatuloy ng kanilang mga gawain sa daigdig ng mga espiritu.*

NOONG ikatlo ng Oktubre, sa taong isanlibo at siyam na raan at labingwalo, ako ay nakaupo sa aking silid, [a]nagbubulay-bulay sa mga banal na kasulatan;

2 At sa pagninilay-nilay tungkol sa dakilang [a]pagbabayad-salang hain na ginawa ng Anak ng Diyos, para sa [b]katubusan ng sanlibutan;

3 At ang dakila at kahanga-hangang [a]pag-ibig na ipinakita ng Ama at ng Anak sa pagparito ng [b]Manunubos sa daigdig;

4 Na sa pamamagitan ng kanyang [a]pagbabayad-sala, at sa [b]pagsunod sa mga alituntunin ng ebanghelyo, ang sangkatauhan ay maliligtas.

5 Habang ako ay sa ganito abala, ang aking isipan ay nabaling sa mga sulat ni apostol Pedro, sa mga [a]naunang banal na nakakalat sa ibang lupain sa lahat ng dako ng [b]Pontus, Galacia, Capadocia, at iba pang mga bahagi ng Asia, kung saan ang ebanghelyo ay naipangaral pagkatapos ng pagkapako sa krus ng Panginoon.

6 Aking binuksan ang Biblia at binasa ang ikatlo at ikaapat na kabanata ng unang liham ni Pedro, at habang ako ay nagbabasa ako ay labis na napukaw, nang higit pa kaysa sa aking naranasan noong una, sa mga sumusunod na sipi:

7 "Sapagkat si Cristo man ay nagbata ring minsan dahil sa mga kasalanan, ang matwid para sa mga di matwid, upang tayo ay madala niya sa Diyos, siya na pinatay sa laman, ngunit binuhay sa espiritu:

8 "Sa ganito siya ay yumaon at nangaral sa mga espiritung nasa [a]bilangguan;

9 "Na noong unang panahon ay mga suwail, nang ang mahabang pagtitiis ng Diyos ay naghintay noong mga araw ni Noe, samantalang inihahanda ang arko, na kung saan ay kakaunti, alalaong baga'y walong kaluluwa ang nangaligtas sa tubig." (1 Pedro 3:18-20)

10 "Sapagkat dahil dito ay ipinangaral maging sa mga patay ang ebanghelyo, upang sila, ayon sa mga tao sa laman ay

**138** 1*a* GBK Pagbulay-bulay.
2*a* Mat. 20:28. GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala.
*b* GBK Plano ng Pagtubos.
3*a* Juan 3:16. GBK Pagmamahal.
*b* GBK Manunubos.
4*a* S ng P 1:3.
*b* Mat. 7:21. GBK Pagsunod, Masunurin, Sumunod.
5*a* IE mga banal noong una.
*b* 1 Ped. 1:1.
8*a* Is. 61:1; Lu. 4:18; D at T 76:73–74; 88:99.

mahatulan, subalit mangabuhay
sa espiritu ayon sa Diyos.” (1 Pedro 4:6)
11 Habang aking pinagbubulay-bulay ang mga bagay na ito
na [a]nasusulat, ang mga [b]mata ng
aking pang-unawa ay nabuksan, at ang Espiritu ng Panginoon ay [c]nanahan sa akin, at aking
nakita ang mga hukbo ng mga
[d]patay, kapwa maliliit at dakila.
12 At doon ay natipong samasama sa isang lugar ang hindi
mabilang na pangkat ng mga
espiritu ng mga [a]matwid, na naging [b]matatapat sa patotoo ni
Jesus samantalang sila ay nabubuhay sa lupa;
13 At naghandog ng [a]sakripisyo na kahalintulad ng dakilang
sakripisyo ng Anak ng Diyos,
at [b]nagdanas ng pagdurusa sa
pangalan ng kanilang Manunubos.
14 Lahat sila ay lumisan sa buhay na may kamatayan, matatag
sa [a]pag-asa sa isang maluwalhating [b]pagkabuhay na mag-uli,
sa pamamagitan ng [c]biyaya ng
Diyos [d]Ama at ng kanyang [e]Bugtong na Anak, si Jesucristo.
15 Aking namalas na sila ay
napuspos ng [a]tuwa at galak, at
magkakasamang nagsaya dahil
ang araw ng kanilang kaligtasan
ay dumating na.
16 Sila ay sama-samang naghintay sa pagparito ng Anak ng
Diyos sa daigdig ng mga [a]espiritu, upang ipahayag ang kanilang katubusan mula sa mga
[b]gapos ng kamatayan.
17 Ang kanilang natutulog na
alabok ay [a]ibabalik sa ganap na
pangangatawan nito, [b]buto sa
kanyang buto, at ang mga litid
at ang laman sa mga ito, ang
[c]espiritu at ang katawan na pagsasamahin upang hindi na kailanman muling maghihiwalay,
upang sila ay makatanggap ng
ganap na [d]kagalakan.
18 Habang ang napakakapal na
pulutong na ito ay naghihintay
at nag-uusap, nagsasaya sa oras
ng kanilang kaligtasan mula sa
mga tanikala ng kamatayan, ang
Anak ng Diyos ay nagpakita,
nagpapahayag ng [a]kalayaan sa
mga bihag na naging matatapat;
19 At doon niya [a]ipinangaral
sa kanila ang walang hanggang
[b]ebanghelyo, ang doktrina ng
pagkabuhay na mag-uli at ang
pagkatubos ng sangkatauhan
mula sa [c]pagkahulog, at mula sa

11*a* GBK Banal na Kasulatan, Mga—Kahalagahan ng mga banal na kasulatan.
*b* Ef. 1:18; D at T 76:10, 12, 19.
*c* Is. 11:2.
*d* GBK Espiritu.
12*a* D at T 76:69–70.
*b* D at T 6:13; 51:19; 76:51–53.
13*a* GBK Hain.
*b* Mat. 5:10–12.
14*a* Eter 12:4; Moro. 7:3, 40–44. GBK Pag-asa.
*b* GBK Pagkabuhay na Mag-uli.
*c* GBK Biyaya.
*d* GBK Diyos, Panguluhang Diyos—Diyos Ama.
*e* GBK Bugtong na Anak.
15*a* Is. 51:11; Alma 40:12.
16*a* Lu. 23:43; Alma 40:11–12. GBK Paraiso.
*b* Morm. 9:13.
17*a* 2 Ne. 9:10–13.
*b* Ez. 37:1–14.
*c* D at T 93:33–34.
*d* GBK Kagalakan.
18*a* Is. 61:1. GBK Kaligtasan para sa mga Patay.
19*a* D at T 76:72–74.
*b* GBK Ebanghelyo.
*c* GBK Pagkahulog nina Adan at Eva.

mga sariling kasalanan kung
[d]magsisisi.
20 Ngunit sa mga yaong [a]ma-
sasama siya ay hindi nagtungo,
at sa mga makasalanan at hindi
nagsisisi na [b]dinungisan ang ka-
nilang sarili habang nasa laman,
ang kanyang tinig ay hindi ipi-
naabot;
21 Ni ang mga mapanghimag-
sik na tumanggi sa mga patotoo
at sa mga babala ng mga unang
propeta ay namasdan ang kan-
yang pagharap, o makatingin sa
kanyang mukha.
22 Sa kinaroroonan nila, ang
[a]kadiliman ay naghari, subalit
sa mabubuti may [b]kapayapaan;
23 At ang mga banal ay nagsa-
ya sa kanilang [a]pagkakatubos,
at [b]lumuhod at kinilala ang
Anak ng Diyos bilang kanilang
Manunubos at Tagapagligtas
mula sa kamatayan at sa mga
[c]tanikala ng impiyerno.
24 Ang kanilang mga mukha
ay nagniningning, at ang [a]liwa-
nag mula sa kinaroroonan ng
Panginoon ay nanahan sa ka-
nila, at sila ay [b]umawit ng mga
papuri sa kanyang banal na pa-
ngalan.
25 Ako ay namangha, dahil
aking naunawaan na ang Taga-
pagligtas ay gumugol ng halos
tatlong taon sa kanyang minis-
teryo sa mga Judio at sa mga ya-
ong sambahayan ni Israel, nag-
sisikap na turuan sila ng walang
hanggang ebanghelyo at tawa-
gin sila sa pagsisisi;
26 At gayon man, sa kabila
ng kanyang mga makapangya-
rihang gawa, at himala, at pag-
hahayag ng katotohanan, sa
dakilang [a]kapangyarihan at ka-
rapatan, mayroon lamang ka-
kaunting nakinig sa kanyang
tinig, at nagsaya sa kanyang ha-
rapan, at tumanggap ng kalig-
tasan sa kanyang mga kamay.
27 Subalit ang kanyang minis-
teryo sa mga yaong patay ay
may itinakdang [a]maikling pana-
hon lamang na pumapagitan sa
pagkakapako sa krus at sa kan-
yang pagkabuhay na mag-uli;
28 At ako ay nanggilalas sa
mga salita ni Pedro—kung saan
sinabi niya na ang Anak ng
Diyos ay nangaral sa mga espi-
ritung nasa bilangguan, na min-
san ay naging mga suwail, nang
minsan ang mahabang pagtiti-
is ng Diyos ay naghintay noong
mga araw ni Noe—at kung pa-
ano nangyaring siya ay naka-
pangaral sa yaong mga espiritu
at isagawa ang kinakailangang
gawain sa kanila sa napakaik-
ling panahon.
29 At habang ako ay nanggi-
gilalas, ang aking mga mata ay
nabuksan, at ang aking pang-

19*d* GBK Magsisi, Pagsisisi.
20*a* Alma 40:13–14. GBK Impiyerno; Masama, Kasamaan.
*b* 1 Ne. 10:21.
22*a* GBK Kadiliman, Espirituwal na.
*b* GBK Kapayapaan.
23*a* GBK Plano ng Pagtubos.
*b* Rom. 14:11; Mos. 27:31.
*c* 2 Ne. 1:13; Alma 12:11.
24*a* Awit 104:1–2; Is. 60:19; Apoc. 22:5; JS—K 1:17. GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo.
*b* GBK Awitin.
26*a* 1 Ne. 11:28.
27*a* Mar. 8:31.

unawa ay [a]bumilis, at aking nahiwatigan na ang Panginoon ay hindi nagtungo sa masasama at mga suwail na tumanggi sa katotohanan, upang turuan sila;

30 Ngunit masdan, mula sa mabubuti, kanyang binuo ang kanyang lakas at nagtalaga ng mga sugo, na nadaramitan ng [a]kapangyarihan at karapatan, at inatasan silang humayo at dalhin ang liwanag ng ebanghelyo sa kanila na nasa [b]kadiliman, maging sa [c]lahat ng espiritu ng tao; at sa gayon ang ebanghelyo ay naipangaral sa mga patay.

31 At ang mga napiling sugo ay humayo upang ipahayag ang [a]kalugud-lugod na araw ng Panginoon at ipahayag ng [b]kalayaan sa mga bihag na nakagapos, maging sa lahat ng magsisisisi ng kanilang mga kasalanan at tatanggap ng ebanghelyo.

32 Sa ganito ang ebanghelyo ay naipangaral sa yaong mga [a]nangamatay sa kanilang mga kasalanan, na walang nalalaman sa [b]katotohanan, o sa paglabag, na tumanggi sa mga propeta.

33 Sa kanila ay itinuro ang [a]pananampalataya sa Diyos, pagsisisi mula sa kasalanan, [b]pagbibinyag alang-alang sa iba para sa [c]kapatawaran ng mga kasalanan, ang [d]kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay,

34 At lahat ng iba pang alituntunin ng ebanghelyo na kinakailangan nilang malaman upang maging karapat-dapat ang kanilang sarili upang sila alinsunod sa mga tao sa laman ay [a]mahatulan, subalit mangabuhay alinsunod sa Diyos sa espiritu.

35 At samakatwid ito ay ipinaalam sa mga patay, maging sa maliit o dakila, sa hindi mabubuti maging sa matatapat, na ang pagtubos ay naisagawa sa pamamagitan ng [a]sakripisyo ng Anak ng Diyos sa [b]krus.

36 Sa ganito ipinaalam na ang ating Manunubos ay ginugol ang kanyang oras sa kanyang pagtigil na pansamantala sa daigdig ng mga espiritu, nagtuturo at inihahanda ang matatapat na espiritu ng mga [a]propeta na nagpatotoo sa kanya sa laman;

37 Upang kanilang madala ang mensahe ng pagtubos sa lahat ng patay, na kung kanino ay hindi siya maaaring magtungo, dahil sa kanilang [a]paghihimagsik at paglabag, na sila sa pamamagitan ng pagmiminister-

29*a* D at T 76:12.
30*a* Lu. 24:49.
*b* GBK Kadiliman, Espirituwal na.
*c* D at T 1:2.
31*a* Is. 61:2; Lu. 4:17–19.
*b* GBK Malaya, Kalayaan.
32*a* Juan 8:21–24.
*b* D at T 128:5. GBK Kaalaman.
33*a* S ng P 1:4. GBK Pananampalataya.
*b* GBK Pagbibinyag, Binyagan—Pagbibinyag alang-alang sa mga patay; Ordenansa, Mga—Ordenansang ginagawa alang-alang sa iba.
*c* GBK Kapatawaran ng mga Kasalanan.
*d* GBK Kaloob na Espiritu Santo.
34*a* GBK Paghuhukom, Ang Huling.
35*a* Alma 34:9–16. GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala; Hain.
*b* GBK Krus; Pagpapako sa Krus.
36*a* D at T 138:57.
37*a* D at T 138:20. GBK Paghihimagsik.

yo ng kanyang mga tagapaglingkod ay makarinig din ng kanyang mga salita.

38 Sa mga dakila at makapangyarihan na nangagtipon sa malawak na kongregasyon na ito ng mabubuti ay si Amang [a]Adan, ang Matanda sa mga Araw, at ama ng lahat,

39 At ang ating maluwalhating Inang [a]Eva, kasama ang marami sa kanyang matatapat na anak na babae na nabuhay nang matagal nang panahon at sumamba sa tunay at buhay na Diyos.

40 Si [a]Abel, ang unang [b]martir, ay naroon, at ang kanyang kapatid na si [c]Set, isa sa mga makapangyarihan, na [d]kawangis ng kanyang ama, si Adan.

41 Si [a]Noe, na siyang nagbigay-babala sa baha; si [b]Sem, ang dakilang [c]mataas na saserdote; si [d]Abraham, ang ama ng matatapat; sina [e]Isaac, [f]Jacob, at Moises, ang mga dakilang [g]tagapagbigay ng batas ng Israel;

42 At si [a]Isaias, na nagpahayag sa pamamagitan ng propesiya na ang Manunubos ay hinirang na gamutin ang mga bagbag na puso, upang ipahayag ang kalayaan sa mga [b]bihag, at ang pagbubukas ng [c]bilangguan sa kanila na mga nakagapos, ay naroon din.

43 Bukod dito, si [a]Ezekiel, na pinakitaan sa pangitain ng malawak na lambak ng mga [b]tuyong buto, na daramitan ng laman, upang bumangong muli sa [c]pagkabuhay na mag-uli ng mga patay, na mga buhay na kaluluwa;

44 Si [a]Daniel, na nakita at naghayag ng pagtatatag ng [b]kaharian ng Diyos sa mga huling araw, na hindi na muling mawawasak ni ibibigay sa ibang tao;

45 Si [a]Elias, na kasama ni Moises sa Bundok ng [b]Pagbabagong-anyo;

46 At si [a]Malakias, ang propetang nagpatotoo ng pagparito ni [b]Elijah—na siya ring binanggit ni Moroni kay Propetang Joseph Smith, nagpapahayag na siya ay darating bago ang pagdating ng dakila at kakila-kilabot na [c]araw ng Panginoon—ay naroon din.

47 Ang Propetang si Elijah ay itatanim sa [a]puso ng mga anak ang mga pangakong ginawa sa kanilang mga ama.

38*a* GBK Adan.
39*a* Moi. 4:26.
GBK Eva.
40*a* GBK Abel.
*b* GBK Martir, Pagkamartir.
*c* GBK Set.
*d* Gen. 5:3; Moi. 6:10.
41*a* GBK Noe, Patriyarka sa Biblia.
*b* GBK Sem.
*c* GBK Mataas na Saserdote.
*d* Gen. 17:1–8.
GBK Abraham.
*e* Gen. 21:1–5.
GBK Isaac.
*f* Gen. 35:9–15.
GBK Jacob, Anak ni Isaac.
*g* GBK Moises.
42*a* GBK Isaias.
*b* Is. 61:1–2.
*c* GBK Impiyerno.
43*a* GBK Ezekiel.
*b* Ez. 37:1–14.
*c* GBK Pagkabuhay na Mag-uli.
44*a* GBK Daniel.
*b* Dan. 2:44–45.
GBK Kaharian ng Diyos o Kaharian ng Langit.
45*a* GBK Elias.
*b* GBK Pagbabagong-anyo.
46*a* Mal. 4:5–6; JS—K 1:36–39.
GBK Malakias.
*b* D at T 110:13–15.
GBK Elijah.
*c* GBK Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
47*a* D at T 128:17.

48 Nagbabala sa dakilang
[a]gawaing gagawin sa mga [b]tem-
plo ng Panginoon sa [c]dispen-
sasyon ng kaganapan ng pana-
hon, para sa katubusan ng mga
patay, at ang [d]pagbubuklod ng
mga anak sa kanilang mga ma-
gulang, upang ang buong mun-
do ay hindi hagupitin ng isang
sumpa at lubusang mawasak sa
kanyang pagparito.
49 Lahat sila at marami pa, ma-
ging ang mga [a]propetang nana-
han sa mga Nephita at nagpa-
totoo sa pagparito ng Anak ng
Diyos, ay kasama sa malaking
pagtitipon at naghihintay ng ka-
nilang kaligtasan,
50 Sapagkat ang mga patay ay
tumingin sa matagal na pagka-
wala ng kanilang mga [a]espiritu
mula sa kanilang mga katawan
bilang isang [b]pagkagapos.
51 Sila ang tinuruan ng Pa-
nginoon, at binigyan sila ng
[a]kapangyarihang magbangon,
matapos ang kanyang pagkabu-
hay na mag-uli mula sa patay,
upang pumasok sa kaharian ng
kanyang Ama, upang doon ay
maputungan ng [b]kawalang-
kamatayan at [c]buhay na walang
hanggan,
52 At magpatuloy simula roon
sa kanilang gawain gaya ng ipi-
nangako ng Panginoon, at kaba-
hagi sa lahat ng [a]pagpapalang
inilaan para sa kanila na nag-
mamahal sa kanya.
53 Ang Propetang si Joseph
Smith, at ang aking ama, si
Hyrum Smith, sina Brigham
Young, John Taylor, Wilford
Woodruff, at iba pang mga pi-
ling espiritu na [a]inilaang buma-
ngon sa kaganapan ng panahon
upang makiisa sa paglalatag ng
[b]saligan ng dakilang gawain ng
huling araw,
54 Kasama ang pagtatayo ng
mga templo at ang pagsasaga-
wa ng mga ordenansa rito para
sa pagtubos ng mga [a]patay, ay
naroon din sa daigdig ng mga
espiritu.
55 Aking napuna na sila rin ay
kasama sa mga [a]maharlika at
dakila na [b]pinili sa simula na
maging mga pinuno sa Simba-
han ng Diyos.
56 Maging bago pa man sila
isilang, sila, kasama ng marami
pang iba, ay tumanggap ng ka-
nilang mga unang aral sa daig-
dig ng mga espiritu at [a]inihan-
da upang bumangon sa takdang
[b]panahon ng Panginoon upang
gumawa sa kanyang [c]ubasan

48*a* GBK Kaligtasan para sa mga Patay.
*b* GBK Templo, Bahay ng Panginoon.
*c* GBK Dispensasyon.
*d* GBK Mag-anak—Mag-anak na walang hanggan; Buklod, Pagbubuklod.
49*a* Hel. 8:19–22.
50*a* GBK Espiritu.
*b* D at T 45:17.
51*a* 1 Cor. 6:14; Alma 40:19–21.
*b* GBK Kawalang-kamatayan, Walang Kamatayan.
*c* D at T 29:43. GBK Buhay na Walang Hanggan.
52*a* Is. 64:4; 1 Cor. 2:9; D at T 14:7.
53*a* GBK Pag-oorden sa Simula Pa.
*b* D at T 64:33.
54*a* GBK Ordenansa, Mga—Ordenansang ginagawa alang-alang sa iba.
55*a* Abr. 3:22–24.
*b* GBK Pag-oorden sa Simula Pa.
56*a* Job 38:4–7; Alma 13:3–7.
*b* Gawa 17:24–27.
*c* Jac. 6:2–3. GBK Ubasan ng Panginoon.

para sa kaligtasan ng mga kalu-
luwa ng tao.
57 Aking namalas na ang ma-
tatapat na [a]elder ng dispensas-
yong ito, kapag sila ay lumisan
mula sa buhay na ito, ay ipi-
nagpapatuloy ang kanilang
mga gawain sa pangangaral ng
ebanghelyo ng pagsisisi at pag-
tubos, sa pamamagitan ng sakri-
pisyo ng Bugtong na Anak ng
Diyos, sa mga yaong nasa [b]kadi-
liman at nasa ilalim ng pagkaa-
lipin sa kasalanan sa malawak
na daigdig ng mga espiritu ng
mga patay.
58 Ang mga patay na magsisisi
ay [a]matutubos, sa pamamagitan
ng pagsunod sa mga [b]ordenansa
ng bahay ng Diyos,
59 At pagkatapos nilang maba-
yaran ang kaparusahan sa kani-
lang mga kasalanan, at [a]mahu-
gasang malinis, ay tatanggap ng
gantimpala alinsunod sa kani-
lang mga [b]gawa, sapagkat sila ay
mga tagapagmana ng kaligtasan.
60 Ganito ang pangitain ng
pagtubos sa mga patay na ipi-
nahayag sa akin, at ako ay nag-
patotoo, at alam ko na ang pa-
totoong ito ay [a]totoo, sa pama-
magitan ng pagpapala ng ating
Panginoon at Tagapagligtas, si
Jesucristo, maging gayon nga.
Amen.

## OPISYAL NA PAHAYAG—1

*Sa kinauukulan:*

Ang mga balitang ipinadala para sa mga pulitikal na kadahilanan, mula sa Salt Lake City, na malawakan nang nakalathala, bunga nito ang Komisyon ng Utah, sa kanilang kamakailan lamang na ulat sa Kalihim ng Panloob, ay sinabing ang maramihang pagpapakasal ay patuloy pa ring idinaraos at na apatnapu o higit pang ganitong pagpapakasal ang ipinagkakasundo sa Utah mula pa noong Hunyo o noong nakaraang taon, gayon din sa mga talumpating pampubliko ang mga pinuno ng Simbahan ay nagturo, nanghimok at hinihikayat ang pagpapatuloy ng nakaugaliang pag-aasawa nang higit sa isa—

Ako, samakatwid, bilang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, sa pamamagitan nito, sa pinakabanal na paraan, ay ipinahahayag na ang mga paratang na ito ay mali. Kami ay hindi nagtuturo ng pag-aasawa nang higit sa isa o ng maramihang pagpapakasal, o pinahihintulutan ang sinumang tao na pumasok sa ganitong gawi, at aking itinatanggi na ang apatnapu o anumang bilang ng maramihang pagpapakasal sa panahong iyon ay idinaos sa aming mga Templo o sa alinmang lugar sa Teritoryo.

57*a* GBK Elder.
*b* GBK Impiyerno.
58*a* GBK Tubos, Tinubos, Pagtubos.
*b* GBK Ordenansa, Mga.
59*a* Alma 5:17–22. GBK Magpatawad.
*b* GBK Gawa, Mga.
60*a* GBK Katotohanan.

Isang kaso ang iniulat, na kung saan ang mga pangkat ay nagsabi na ang kasal ay isinagawa sa Endowment House, sa Salt Lake City, sa Tagsibol ng 1889, subalit hindi ko mabatid kung sino ang nagsagawa ng seremonya; kung ano man ang ginawa sa bagay na ito ay lingid sa aking kaalaman. Bunga ng nasabing pangyayaring ito ang Endowment House, sa aking mga tagubilin, ay binuwag ng walang antala.

Yayamang ang Kongreso ay nagpasa ng mga batas na nagbabawal ng maramihang pagpapakasal, na siyang mga batas na ipinahayag ayon sa saligang-batas ng hukuman ng huling dulugan, ipinahahayag ko ngayon ang aking hangaring sumunod sa mga batas na yaon, at gamitin ang aking impluwensiya sa mga kasapi ng Simbahan kung saan ako ang namumuno na gawin nila ang gayon din.

Wala sa mga itinuturo ko sa Simbahan o sa yaong aking mga kasamahan, doon sa panahong nabanggit, na maaaring makatwirang ipakahulugan na nagkikintal o nanghihimok ng maramihang pag-aasawa; at kapag ang sinumang Elder ng Simbahan ay gumamit ng salita na tila nagpapahiwatig ng anumang ganoong aral na ito, siya ay maagap na pinagsasabihan. At hayagan ko ngayong ipinahahayag na ang aking payo sa mga Banal sa mga Huling Araw ay tumigil mula sa pakikipagkasundo sa anumang kasal na ipinagbabawal ng batas ng lupain.

WILFORD WOODRUFF
Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo
ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Iminungkahi ni Pangulong Lorenzo Snow ang sumusunod:

"Iminumungkahi ko na, kinikilala si Wilford Woodruff bilang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, at ang tanging lalaki sa mundo sa kasalukuyang panahon na may hawak ng mga susi ng mga ordenansang nagbubuklod, itinuturing namin siyang may ganap na kapangyarihan sa bisa ng kanyang tungkulin upang magpalabas ng Pahayag na binasa sa aming paglilitis, at may petsang ika-24 ng Setyembre 1890, at bilang isang Simbahan na nagtipon sa Pangkalahatang Pagpupulong, aming tinatanggap ang kanyang ipinahayag hinggil sa pag-aasawa nang maramihan na may kapangyarihan at umiiral."

Ang boto upang tanggapin ang sinusundang mungkahi ay buong pagkakaisang sinang-ayunan.

Salt Lake City, Utah, ika-6 ng Oktubre 1890.

## MGA HANGO MULA SA TATLONG TALUMPATI NI PANGULONG WILFORD WOODRUFF TUNGKOL SA PAHAYAG

Hindi ako pahihintulutan ng Panginoon kailanman o ang sinumang tao na tumatayo bilang Pangulo ng Simbahang ito na akayin kayo sa pagkaligaw. Wala ito sa programa. Wala ito sa isipan ng Diyos. Kung ako ay magtatangka nang gayon, ako ay tatanggalin ng Panginoon mula sa aking kinalalagyan, at siya rin niyang gagawin sa kahit sinong tao na magtatangkang akayin ang mga anak ng tao sa pagkaligaw mula sa mga orakulo ng Diyos at mula sa kanilang mga tungkulin. (Ikaanimnapu't isang Animang Buwang Pangkalahatang Pagpupulong ng Simbahan, Lunes, ika-6 ng Oktubre 1890, Salt Lake City, Utah. Iniulat sa *Deseret Evening News,* ika-11 ng Oktubre 1890, p. 2.)

Hindi mahalaga kung sinuman ang nabuhay o kung sinuman ang namatay, o kung sinuman ang tinawag na mamuno sa Simbahang ito, kailangan nilang pamunuan ito sa pamamagitan ng inspirasyon ng Pinakamakapangyarihang Diyos. Kung hindi nila gagawin ito sa ganoong paraan, hindi nila ito magagawa sa anumang paraan. . . .

Ako ay nagkaroon ng ilang paghahayag kailan lamang, at napakahalaga ng mga ito sa akin, at aking sasabihin sa inyo ang sinabi ng Panginoon sa akin. Hayaan ninyong dalhin ko ang inyong mga isipan sa tinatawag na pahayag. . . .

Sinabi ng Panginoon sa akin na tanungin ang mga Banal sa mga Huling Araw ng isang katanungan, at sinabi rin Niya sa akin na kung sila ay makikinig sa mga sinabi ko sa kanila at tutugunin ang katanungan na ihaharap sa kanila, sa pamamagitan ng Espiritu at kapangyarihan ng Diyos, silang lahat ay tutugon na magkakatulad, at silang lahat ay maniniwalang pare-pareho ukol sa bagay na ito.

Ang katanungan ay ito: Ano ang pinakamatalinong landas para sa mga Banal sa mga Huling Araw na sundin—na tangkaing ipagpatuloy ang pagsasagawa ng maramihang pagpapakasal, na ang mga batas ng bansa ay laban dito at ang pagsalungat ng animnapung milyong tao, at bilang kapalit ang pagsamsam at pagkawala ng lahat ng Templo, at ang pagtitigil sa lahat ng ordenansa rito, kapwa sa buhay at sa patay, at ang pagbibilanggo sa Unang Panguluhan at sa Labindalawa at sa mga ulo ng mga mag-anak sa Simbahan, at ang pagsamsam sa mga personal na ari-arian ng mga tao (ang lahat ng ito ang magpapahinto sa gawi), o, pagkatapos gawin at paghirapan kung anuman ang mayroon tayo dahil sa ating pagsunod sa alituntuning ito na itigil ang gawaing ito at sumailalim sa batas, at sa pamamagitan ng paggawa nito hayaan ang mga Propeta, Apostol at ama sa tahanan, nang sa gayon kanilang matagubilinan ang mga tao at magampanan ang mga tungkulin sa Simbahan, at hayaan din ang mga Templo sa mga kamay ng mga Banal, upang sila ay mag-asikaso sa mga ordenansa ng Ebanghelyo, kapwa para sa mga buhay at patay?

Ipinakita sa akin ng Panginoon sa pamamagitan ng pangitain at paghahayag kung ano ang tiyak na mangyayari kung hindi natin ititigil ang gawaing ito. Kung ito ay hindi natin itinigil, kayo ay walang magiging kapakinabangan sapagkat . . . sinuman sa kalalakihan sa templong ito sa Logan; sapagkat ang lahat ng ordenansa ay ititigil sa lahat ng dako ng lupain ng Sion. Kaguluhan ang maghahari sa lahat ng dako ng Israel, at maraming tao ang gagawing mga bilanggo. Ang kaguluhang ito ay darating sa buong Simbahan, at tayo ay mapipilitang itigil ang gawain. Ngayon, ang katanungan ay, kung ito ba ay dapat matigil sa ganitong pamamaraan, o sa paraang ipinakita sa atin ng Panginoon, at hayaan ang ating mga Propeta at Apostol at ama na malayang mga tao, at ang mga

templo sa kamay ng mga tao, upang ang mga patay ay matubos. Isang malaking bilang na ang nailigtas mula sa bahay piitan sa daigdig ng mga espiritu sa pamamagitan ng mga taong ito, at ang mga gawain ba ay ipagpapatuloy o ititigil? Ito ang katanungan na aking inilatag sa harapan ng mga Banal sa mga Huling Araw. Kailangang magpasiya kayo sa inyong sarili. Ibig kong tugunin ninyo ito sa inyong sarili. Hindi ko ito tutugunin, subalit sinasabi ko sa inyo na ito ang tiyak na kalagayang kasasadlakan natin bilang isang tao kung hindi natin tinahak ang landas na ating tinahak.

. . . Nakita ko kung ano ang tiyak na mangyayari kung walang anumang bagay na ginawa. Nasa akin ang diwang ito sa loob ng mahabang panahon. Subalit nais kong sabihin ito: Hahayaan ko sanang mawala ang mga templo sa ating mga kamay; ako sana na rin ay nakulong sa bilangguan, at hayaan ang bawat iba pang tao na pumasok doon, kung hindi ako inutusan ng Diyos ng langit na gawin ang ginawa ko; at nang sumapit ang oras na ako ay inutusan upang gawin ito, ang lahat ay malinaw na sa akin. Ako ay dumulog sa harapan ng Panginoon, at isinulat ko ang anumang sabihin sa akin ng Panginoon na isulat. . . .

Iniiwan ko ito sa inyo, upang inyong pagnilay-nilayin at isaalang-alang. Ang Panginoon ay gumagawang kasama natin. (Pagpupulong sa Istaka ng Cache, Logan, Utah, Linggo, ika-1 ng Nobyembre 1891. Iniulat sa *Deseret Weekly*, ika-14 ng Nobyembre 1891.)

Ngayon aking sasabihin sa inyo kung ano ang ipinakita sa akin at kung ano ang ginawa ng Anak ng Diyos sa bagay na ito. . . . Ang lahat ng bagay na ito ay mangyayari, yamang buhay ang Pinakamakapangyarihang Diyos, kung hindi ibinigay yaong Pahayag. Samakatwid, ang Anak ng Diyos ay nadamang kailangang iharap ang bagay na iyon sa Simbahan at sa sanlibutan para sa mga layuning nasa kanyang isipan. Iniutos ng Panginoon ang pagtatatag ng Sion. Kanyang iniutos ang pagtapos ng templong ito. Kanyang iniutos na ang kaligtasan ng mga buhay at patay ay nararapat ibigay sa mga lambak na ito ng mga bundok. At iniutos ng Pinakamakapangyarihang Diyos na ito ay hindi mahahadlangan ng Diyablo. Kung iyan ay mauunawaan ninyo, iyan ang susi nito. (Mula sa isang talumpati sa ikaanim na pulong ng paglalaan ng Templo ng Salt Lake, Abril 1893. Typescript of Dedicatory Services, Archives, Church Historical Department, Salt Lake City, Utah.)

## OPISYAL NA PAHAYAG—2

*Sa kinauukulan:*

*Noong ika-30 ng Setyembre 1978, sa ika-148 na Animang Buwang Pangkalahatang Pagpupulong ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ang mga sumusunod ay iniharap ni Pangulong N. Eldon Tanner, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan ng Simbahan:*

Sa unang bahagi ng Hunyo ng taong ito, ipinahayag ng Unang Panguluhan na isang paghahayag ang natanggap ni Pangulong Spencer W. Kimball na naggagawad ng pagkasaserdote at mga pagpapala sa templo sa lahat ng karapat-dapat na mga lalaking kasapi ng Simbahan. Hiniling ni Pangulong Kimball na aking ipahayag sa pagpupulong na pagkatapos niyang matanggap ang paghahayag na ito, na dumating sa kanya matapos ang mahabang

pagninilay-nilay at panalangin sa mga banal na silid ng banal na templo, iniharap niya ito sa kanyang mga tagapayo, na tinanggap ito at pinagtibay ito. Pagkatapos nito ito ay iniharap sa Korum ng Labindalawang Apostol, na buong pagkakaisang pinagtibay ito, at pagkaraan ay iniharap sa lahat ng iba pang Pangkalahatang Maykapangyarihan, na buong pagkakaisa ring pinagtibay ito.

Hiniling ni Pangulong Kimball na basahin ko ngayon ang liham na ito:

ika-8 ng Hunyo 1978
Sa lahat ng pangkalahatan at lokal na may katungkulang pagkasaserdote ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa lahat ng dako ng daigdig:

Mga Minamahal na Kapatid:

Habang nasasaksihan natin ang paglawak ng gawain ng Panginoon sa mundo, tayo ay nagpapasalamat na ang mga tao ng maraming bansa ay tumugon sa mensahe ng pinanumbalik na ebanghelyo, at sumapi sa Simbahan sa lalong lumalaking bilang. Ito, sa kabilang dako, ay nagbigay-sigla sa atin na may hangaring igawad sa bawat karapat-dapat na kasapi ng Simbahan ang lahat ng pribilehiyo at pagpapalang maibibigay ng ebanghelyo.

Batid ang mga pangakong ginawa ng mga propeta at pangulo ng Simbahan na nangauna sa amin na sa ilang panahon, sa walang hanggang plano ng Diyos, lahat ng ating mga kapatid na lalaki na karapat-dapat ay maaaring makatanggap ng pagkasaserdote, at namamalas ang katapatan ng mga yaong kung kanino ang pagkasaserdote ay ipinagkait, kami ay nagsumamo nang matagal at taimtim alang-alang sa kanila, na ating matatapat na kapatid, gumugugol ng maraming oras sa Itaas na Silid ng Templo nagsusumamo sa Panginoon para sa banal na pamamatnubay.

Kanyang dininig ang aming mga panalangin, at sa pamamagitan ng paghahayag ay pinagtibay na ang matagal nang ipinangakong araw ay sumapit na kung kailan ang bawat matapat, karapat-dapat na lalaki sa Simbahan ay maaaring matanggap ang banal na pagkasaserdote, na may kapangyarihang gamitin ang banal na karapatang ito, at tamasahin kasama ang kanyang mga minamahal ang lahat ng pagpapalang umaagos mula roon, kasama na ang mga pagpapala ng templo. Alinsunod dito, lahat ng karapat-dapat na lalaking kasapi ng Simbahan ay maaaring ordenan sa pagkasaserdote nang walang pagsasaalang-alang ng lahi o kulay. Ang mga pinuno ng pagkasaserdote ay tinatagubilinang sumunod sa patakaran ng maingat na pakikipanayam sa lahat ng kandidato sa ordinasyon alinman sa Pagkasaserdoteng Aaron o Melquisedec

upang matiyak na kanilang natugunan ang mga naitatag na pamantayan sa pagiging karapat-dapat.

Aming ipinahahayag nang may kahinahunan na ipinaalam ng Panginoon ngayon ang kanyang kalooban para sa pagpapala ng lahat ng kanyang mga anak sa lahat ng dako ng mundo na makikinig sa tinig ng kanyang binigyan ng mga kapangyarihang tagapaglingkod, at ihanda ang kanilang sarili na tumanggap ng lahat ng pagpapala ng ebanghelyo.

Matapat na sumasainyo,

Spencer W. Kimball
N. Eldon Tanner
Marion G. Romney

Ang Unang Panguluhan

Kinikilala si Spencer W. Kimball bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag, at pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, iminumungkahi na tayo bilang isang manghahalal na kapulungan ay tanggapin ang paghahayag na ito bilang salita at kalooban ng Panginoon. Lahat ng sumasang-ayon maaari lamang ipakita sa pamamagitan ng pagtataas ng inyong kanang kamay. Sinuman ang di sumasang-ayon sa pamamagitan ng gayon ding tanda.

*Ang boto upang tanggapin ang naunang mungkahi ay buong pagkakaisa sa pagsang-ayon.*

Salt Lake City, Utah, ika-30 ng Setyembre 1978.

ANG

# MAHALAGANG PERLAS

PINILI MULA SA MGA PAGHAHAYAG,

PAGSASALIN, AT PAGLALAHAD NI

JOSEPH SMITH

UNANG PROPETA, TAGAKITA, AT TAGAPAGHAYAG SA

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO

NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

# PAMBUNGAD

Ang Mahalagang Perlas ay pinili mula sa mga natatanging lathalain na tumatalakay sa maraming mahalagang bahagi ng pananampalataya at doktrina ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang mga lathalaing ito ay inilahad ng Propetang si Joseph Smith at nailathala sa mga periodiko ng Simbahan noong kanyang kapanahunan.

Ang mga unang natipong lathalain na nagtataglay ng pamagat na Ang Mahalagang Perlas ay ginawa noong 1851 ni Elder Franklin D. Richards, na noon ay kasapi ng Kapulungan ng Labindalawa at pangulo ng Misyon sa Inglatera. Ang layunin nito ay gawing higit na madaling makuha ang ilang mahalagang lathalain na nagkaroon ng limitadong sirkulasyon noong kapanahunan ni Joseph Smith. Sa pagdami ng mga kasapi ng Simbahan sa buong Europa at Amerika ay nagkaroon ng pangangailangang magkaroon ng mga lathalaing ito. Ang Mahalagang Perlas ay nagkaroon ng malawakang paggamit at pagkaraan ay naging isang pamantayang banal na kasulatan ng Simbahan sa gawa ng Unang Panguluhan at ng pangkalahatang pagpupulong sa Salt Lake City noong ika-10 ng Oktubre 1880.

Maraming pagbabago ang ginawa sa mga nilalaman ayon sa mga pangangailangang hinihingi ng Simbahan. Noong 1878, ang mga bahagi ng Aklat ni Moises na hindi kasama sa unang edisyon ay idinagdag. Noong 1902, ang ilang bahagi ng Ang Mahalagang Perlas na natutulad sa mga bagay na nalathala rin sa Doktrina at mga Tipan ay inalis. Ang pagsasaayos sa mga kabanata at talata, na may mga talababa, ay ginawa noong 1902. Ang unang paglilimbag sa dalawahang hanay bawat pahina, na may talatuntunan, ay noong 1921. Walang anumang pagbabagong ginawa hanggang Abril 1976, nang idagdag ang dalawang lathalaing paghahayag. Noong 1979, inalis ang dalawang lathalaing ito mula sa Ang Mahalagang Perlas at inilagay sa Doktrina at mga Tipan, kung saan ang mga ito sa ngayon ay makikita bilang mga bahaging 137 at 138. Sa kasalukuyang edisyon, ilang pagbabago ang ginawa upang mapaalinsunod ang teksto sa mga naunang kasulatan.

Ang mga sumusunod ay maikling pambungad sa kasalukuyang nilalaman:

*Mga Pinili mula sa Aklat ni Moises.* Hinango mula sa aklat ng Genesis sa pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia, na kanyang sinimulan noong Hunyo 1830 (*History of the Church,* 1:98–101, 131–139).

*Ang Aklat ni Abraham.* Isinalin mula sa ilang papyrus na nanggaling sa Egipto na napasakamay ni Joseph Smith noong 1835, na naglalaman ng mga sulatin ng patriyarkang si Abraham. Inilathala nang baha-bahagi ang pagsasalin sa *Times and Seasons* simula

noong ika-1 ng Marso 1842, sa Nauvoo, Illinois. (*History of the Church,* 4:519–534).

*Joseph Smith—Mateo.* Hinango mula sa patotoo ni Mateo sa pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 45:60–61 para sa banal na pag-aatas na simulan ang pagsasalin sa Bagong Tipan).

*Joseph Smith—Kasaysayan.* Mga hinango mula sa opisyal na patotoo at kasaysayan ni Joseph Smith, na inihanda niya noong 1838, na nalathala nang baha-bahagi sa *Times and Seasons* sa Nauvoo, Illinois, simula noong ika-15 ng Marso 1842 (*History of the Church,* 1:1–44).

*Ang mga Saligan ng Pananampalataya ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.* Isang paglalahad ni Joseph Smith na nalathala sa *Times and Seasons* noong ika-1 ng Marso 1842, kalakip ang isang maikling kasaysayan ng Simbahan na kilala bilang Sulat kay Wentworth (*History of the Church,* 4: 535–541).

ANG MGA PANGALAN AT PAGKAKAAYOS
NG MGA AKLAT SA

# Ang Mahalagang Perlas

Pahina

Mga Pinili mula sa Aklat ni Moises . . . . . . . . . . . . 1
Ang Aklat ni Abraham . . . . . . . . . . . . . . . 41
Paksimile Bilang 1 . . . . . . . . . . . . . . . 40
Paksimile Bilang 2 . . . . . . . . . . . . . . . 52
Paksimile Bilang 3 . . . . . . . . . . . . . . . 57
Joseph Smith—Mateo . . . . . . . . . . . . . . . 60
Joseph Smith—Kasaysayan . . . . . . . . . . . . . 65
Ang mga Saligan ng Pananampalataya . . . . . . . . . . 86

# Mga Pinili Mula sa Aklat ni Moises

*Hango mula sa pagsasalin ng Biblia ayon sa pagkakahayag kay Joseph Smith, ang Propeta, Hunyo 1830–Pebrero 1831.*

## KABANATA 1

*(Hunyo 1830)*

*Ipinakita ng Diyos ang kanyang sarili kay Moises—Nagbagong-anyo si Moises—Hinarap siya ni Satanas—Nakita ni Moises ang maraming daigdig na pinananahanan—Mga daigdig na di mabilang ang nalikha sa pamamagitan ng Anak—Ang gawain at kaluwalhatian ng Diyos ay maisakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao.*

ANG mga salita ng Diyos, na kanyang [a]sinabi kay [b]Moises noong panahong si Moises ay dinala sa napakataas na bundok,
2 At kanyang [a]nakita ang Diyos nang [b]harapan, at siya ay nakipag-usap sa kanya, at ang [c]kaluwalhatian ng Diyos ay napasa kay Moises; kaya nga, [d]natagalan ni Moises ang kanyang pagharap.
3 At ang Diyos ay nangusap kay Moises, sinasabing: Masdan, ako ang Panginoong Diyos na [a]Pinakamakapangyarihan, at [b]Walang Hanggan ang aking pangalan; sapagkat ako ay walang simula ng mga araw o wakas ng mga taon; at hindi ba ito walang hanggan?
4 At, masdan, ikaw ay aking anak; dahil dito, [a]tingnan, at ipakikita ko sa iyo ang gawa ng aking mga [b]kamay; subalit hindi lahat, sapagkat ang aking mga [c]gawa ay [d]walang katapusan, at gayon din ang aking mga [e]salita, sapagkat ang mga ito ay hindi kailanman magwawakas.
5 Dahil dito, walang tao ang maaaring makamalas ng lahat ng aking gawain, maliban kung mamamasdan niya ang lahat ng aking kaluwalhatian; at walang taong maaaring makamalas ng lahat ng aking kaluwalhatian, at pagkatapos ay manatili sa laman sa mundo.
6 At ako ay may gawain para sa iyo, Moises, aking anak; at ikaw ay [a]kawangis ng aking

**1** 1*a* Alma 12:30; Moi. 1:42.
*b* GBK Moises.
2*a* Ex. 3:6; 33:11; Juan 1:18; 6:46; Eter 3:6–16; Moi. 1:11. PJS, Ex. 33:20, 23.
*b* Blg. 12:6–8; Deut. 34:10; D at T 17:1.
*c* Deut. 5:24; Moi. 1:13–14, 25. GBK Kaluwalhatian.
*d* GBK Pagbabagong-anyo.
3*a* Apoc. 11:17; 19:6; 1 Ne. 1:14; D at T 121:4. GBK Diyos, Panguluhang Diyos.
*b* Is. 63:16; D at T 19:9–12; Moi. 7:35. GBK Walang Katapusan.
4*a* Moi. 7:4.
*b* Moi. 7:32, 35–37.
*c* Awit 40:5; D at T 76:114.
*d* Awit 111:7–8; Moi. 1:38.
*e* 2 Ne. 9:16; D at T 1:37–39. GBK Salita ng Diyos.
6*a* Gen. 1:26; Eter 3:14–15; Moi. 1:13–16.

[b]Bugtong na Anak; at ang aking Bugtong na Anak ay at ang magiging [c]Tagapagligtas, sapagkat siya ay puspos ng [d]biyaya at [e]katotohanan; subalit [f]walang Diyos maliban sa akin, at lahat ng bagay ay kapiling ko, sapagkat aking [g]nalalaman silang lahat.

7 At ngayon, masdan, ito ang isang bagay na ipakikita ko sa iyo, Moises, aking anak, sapagkat ikaw ay nasa daigdig, at ngayon ipakikita ko ito sa iyo.

8 At ito ay nangyari na, na si Moises ay tumingin, at namasdan ang [a]daigdig kung saan siya nilalang; at [b]namasdan ni Moises ang daigdig at ang mga hangganan niyon, at ang lahat ng anak ng tao na naroroon, at mga nalalang; sa mga yaon, siya ay labis na [c]nanggilalas at namangha.

9 At nilisan ng Diyos si Moises, kung kaya ang kanyang kaluwalhatian ay nawala kay Moises; at si Moises ay naiwan sa kanyang sarili. At nang siya ay naiwan sa kanyang sarili, siya ay nalugmok sa lupa.

10 At ito ay nangyari na, na maraming oras ang lumipas bago natanggap muli ni Moises ang kanyang likas na [a]lakas tulad ng sa tao; at sinabi niya sa kanyang sarili: Ngayon, sa kadahilanang ito, aking nalaman na ang tao ay [b]walang kabuluhan, siyang bagay na hindi ko inakala kailanman.

11 Subalit ngayon ay namasdan ng sarili kong mga mata ang [a]Diyos; subalit hindi ng aking mga [b]likas na mata, kundi ng aking mga espirituwal na mata, sapagkat ang aking mga likas na mata ay hindi maaaring makamalas; sapagkat ako sana ay [c]naluoy at [d]namatay sa kanyang harapan; subalit ang kanyang kaluwalhatian ay napasaakin; at aking namasdan ang kanyang [e]mukha, sapagkat ako ay [f]nagbagong-anyo sa kanyang harapan.

12 At ito ay nangyari na, nang sabihin ni Moises ang mga salitang ito, masdan, dumating si [a]Satanas na [b]tinutukso siya, nagsasabing: Moises, anak ng tao, sambahin mo ako.

13 At ito ay nangyari na, na tumingin si Moises kay Satanas at nagsabi: Sino ka? Sapagkat masdan, ako ay [a]anak ng Diyos, na kawangis ng kanyang Bugtong na Anak; at nasaan ang

---

6*b* GBK Bugtong na Anak.
*c* GBK Tagapagligtas.
*d* Juan 1:14, 17; Alma 13:9. GBK Biyaya.
*e* Moi. 5:7.
*f* 1 Hari 8:60; Is. 45:5–18, 21–22.
*g* 1 Ne. 9:6; 2 Ne. 9:20; Alma 18:32; D at T 38:1–2.
8*a* Moi. 2:1.
*b* Moi. 1:27.
*c* Awit 8:3–4.
10*a* Dan. 10:8, 17; 1 Ne. 17:47; Alma 27:17; JS—K 1:20.
*b* Dan. 4:35; Hel. 12:7.
11*a* GBK Diyos, Panguluhang Diyos.
*b* Moi. 6:36; D at T 67:10–13.
*c* Ex. 19:21.
*d* Ex. 20:19.
*e* Gen. 32:30; Moi. 7:4.
*f* Mat. 17:1–8. GBK Pagbabagong-anyo.
12*a* Moi. 4:1–4. GBK Diyablo.
*b* Moi. 6:49. GBK Tukso, Panunukso.
13*a* Awit 82:6; 1 Juan 3:2; Heb. 12:9.

iyong kaluwalhatian, na dapat
kitang sambahin?
14 Sapagkat masdan, hindi ko
magawang tumingin sa Diyos,
maliban kung mapasaakin ang
kanyang kaluwalhatian, at ako
ay [a]magbagong-anyo sa kan-
yang harapan. Subalit nakatiti-
ngin ako sa iyo bilang likas na
tao. Hindi nga ba't totoo?
15 Purihin ang pangalan ng
aking Diyos, sapagkat ang kan-
yang Espiritu ay hindi lubusang
binawi sa akin, o kung hindi ay
nasaan ang iyong kaluwalhati-
an, sapagkat ito ay kadiliman
sa akin? At ako ay maaaring
humatol sa pagitan mo at ng
Diyos; sapagkat sinabi sa akin
ng Diyos: [a]Sambahin ang Diyos,
sapagkat siya lamang ang iyong
[b]paglilingkuran.
16 Lumayo ka, Satanas; huwag
mo akong linlangin; sapagkat
sinabi sa akin ng Diyos: Ikaw
ay [a]kawangis ng aking Bugtong
na Anak.
17 At binigyan din niya ako
ng mga kautusan nang tawagin
niya ako mula sa nagliliyab na
[a]palumpong, sinasabing: [b]Ma-
nawagan ka sa Diyos sa panga-
lan ng aking Bugtong na Anak,
at sambahin ako.
18 At muli, sinabi ni Moises:
Hindi ako titigil na manawa-
gan sa Diyos, may mga ibang
bagay pa akong itatanong sa
kanya: sapagkat ang kanyang
kaluwalhatian ay napasaakin,
kaya nga ako ay maaaring hu-
matol sa pagitan mo at niya. Lu-
mayas ka, Satanas.
19 At ngayon, nang sabihin ni
Moises ang mga salitang ito, si
Satanas ay sumigaw sa mala-
kas na tinig at naghuhumiyaw
sa lupa, at nag-utos, sinasabing:
Ako ang [a]Bugtong na Anak,
sambahin ako.
20 At ito ay nangyari na, na si
Moises ay nagsimulang mata-
kot nang labis; at habang siya
ay nagsisimulang matakot, kan-
yang nakita ang kapaitan ng
[a]impiyerno. Gayon pa man, sa
[b]pananawagan sa Diyos, siya
ay nakatanggap ng lakas, at siya
ay nag-utos, sinasabing: Luma-
yo ka sa akin, Satanas, sapagkat
itong nag-iisang Diyos lamang
ang aking sasambahin, na si-
yang Diyos ng kaluwalhatian.
21 At ngayon si [a]Satanas ay
nagsimulang manginig , at ang
lupa ay nayanig; at si Moises ay
nakatanggap ng lakas, at nana-
wagan sa Diyos sinasabing: Sa
pangalan ng Bugtong na Anak,
lumayas ka, Satanas.
22 At ito ay nangyari na, na
sumigaw si Satanas sa malakas
na tinig, nang nananangis, at
nananaghoy, at [a]nagngangalit
ang mga ngipin; at siya ay lu-
mayas, maging mula sa hara-
pan ni Moises, upang hindi na
niya mamasdan pa siya.

14*a* GBK Pagbabagong-anyo.
15*a* Mat. 4:10. GBK Pagsamba.
*b* 1 Sam. 7:3; 3 Ne. 13:24.
16*a* Moi. 1:6.
17*a* Ex. 3:2.
*b* Moi. 5:8.
19*a* Mat. 24:4–5.
20*a* GBK Impiyerno.
*b* JS—K 1:15–16. GBK Panalangin.
21*a* GBK Diyablo.
22*a* Mat. 13:41–42; Mos. 16:1–3.

23 At ngayon, sa bagay na ito
si Moises ay nagpatotoo; suba-
lit dahil sa kasamaan ito ay hin-
di napasa mga anak ng tao.
24 At ito ay nangyari na, nang
si Satanas ay umalis mula sa
harapan ni Moises, itiningin ni
Moises ang kanyang mga mata
sa langit, na puspos ng [a]Espiritu
Santo, na siyang nagpapatotoo
sa Ama at sa Anak;
25 At nananawagan sa panga-
lan ng Diyos, namasdan ni-
yang muli ang kanyang kalu-
walhatian, sapagkat ito ay na-
pasakanya; at siya ay nakarinig
ng isang tinig, sinasabing: Pi-
nagpala ka, Moises, sapagkat
ako, ang Pinakamakapangyari-
han, ay pinili ka, at ikaw ay pa-
lalakasin kaysa sa maraming
[a]tubig; sapagkat kanilang su-
sundin ang iyong [b]utos na tila
baga ikaw ang [c]Diyos.
26 At masdan, ako ay kasa-
ma mo, maging sa katapusan
ng iyong mga araw; sapagkat
[a]palalayain mo ang aking
mga tao mula sa [b]pagkaalipin,
maging ang [c]Israel na aking
[d]pinili.
27 At ito ay nangyari na, ha-
bang nangungusap pa ang tinig,
iginala ni Moises ang kanyang
mga mata at [a]namasdan ang
mundo, oo, maging ang kabuu-
an nito; at walang bahagi nito na
hindi niya namasdan, nawawari
ito sa pamamagitan ng espiritu
ng Diyos.
28 At kanyang namasdan din
ang mga naninirahan doon, at
wala ni isa mang kaluluwa ang
hindi niya namasdan; at naki-
lala niya sila sa pamamagitan
ng Espiritu ng Diyos; at ang ka-
nilang bilang ay napakarami,
maging di mabilang gaya ng bu-
hangin sa dalampasigan.
29 At kanyang namasdan ang
maraming lupain; at ang bawat
lupain ay tinatawag na [a]mundo,
at may mga naninirahan sa iba-
baw niyon.
30 At ito ay nangyari na, na
nanawagan si Moises sa Diyos,
nagsasabing: Sabihin sa akin,
nagsusumamo ako sa inyo, ba-
kit ganito ang mga bagay na
ito, at sa pamamagitan ng mga
anong bagay nilikha ninyo ang
mga ito?
31 At masdan, ang kaluwalha-
tian ng Panginoon ay napasa
kay Moises, kung kaya't naka-
tindig si Moises sa harapan ng
Diyos, at nakipag-usap sa kan-
ya nang [a]harapan. At sinabi ng
Panginoong Diyos kay Moises:
Para sa sarili kong [b]layunin
aking nilikha ang mga bagay
na ito. Narito ang karunungan
at ito ay mananatili sa akin.
32 At sa pamamagitan ng [a]sa-
lita ng aking kapangyarihan, na
siyang aking Bugtong na Anak,

24*a* GBK Espiritu Santo.
25*a* Ex. 14:21–22.
*b* GBK Kapangyarihan; Pagkasaserdote.
*c* Ex. 4:16.
26*a* Ex. 3:7–12.
*b* 1 Ne. 17:23–25.
*c* 1 Hari 8:51–53. GBK Israel.
*d* GBK Pinili.
27*a* D at T 88:47; Moi. 1:8. GBK Pangitain.
29*a* GBK Mundo.
31*a* Deut. 5:4; Moi. 1:11.
*b* Is. 45:17–18; 2 Ne. 2:14–15.
32*a* Juan 1:1–4, 14; Heb. 1:1–3; Apoc. 19:13; Jac. 4:9; Moi. 2:1, 5. GBK Jesucristo.

na puspos ng [b]biyaya at [c]katotohanan ay nilalang ko ang mga ito.

33 At mga [a]daigdig na di mabilang ang aking [b]nilalang; at akin ding nilalang ang mga ito para sa sarili kong layunin; at sa pamamagitan ng Anak aking nilalang ang mga ito, na siyang aking [c]Bugtong na Anak.

34 At ang [a]unang lalaki sa lahat ng kalalakihan ay tinawag kong [b]Adan, na ang ibig sabihin ay [c]marami.

35 Subalit ang ulat lamang ng mundong ito, at ng mga naninirahan dito, ang ibibigay ko sa iyo. Sapagkat masdan, maraming daigdig na ang lumipas sa pamamagitan ng salita ng aking kapangyarihan. At marami na sa ngayon ang nakatayo, at hindi mabibilang ang mga ito ng tao; subalit ang lahat ng bagay ay bilang sa akin, sapagkat sila ay akin at [a]kilala ko sila.

36 At ito ay nangyari na, na nangusap si Moises sa Panginoon, nagsasabing: Maging maawain sa inyong tagapaglingkod, O Diyos, at sabihin ninyo sa akin ang nauukol sa mundong ito, at sa mga naninirahan dito, at gayon din sa mga kalangitan, at sa gayon ang inyong tagapaglingkod ay masisiyahan.

37 At nangusap ang Panginoong Diyos kay Moises, nagsasabing: Ang mga [a]kalangitan, ang mga ito ay marami, at ang mga ito ay hindi maaaring mabilang ng tao; subalit ang mga ito ay bilang sa akin, sapagkat ang mga ito ay akin.

38 At habang ang isang mundo ay lumilipas, at ang mga kalangitan niyon maging gayon man isa ang darating; at walang [a]katapusan ang aking mga gawain, ni ang aking mga salita.

39 Sapagkat masdan, ito ang aking [a]gawain at aking [b]kaluwalhatian—ang isakatuparan ang [c]kawalang-kamatayan at buhay na [d]walang hanggan ng tao.

40 At ngayon, Moises, aking anak, ako ay mangungusap sa iyo hinggil sa mundong ito kung saan ka nakatayo; at iyong [a]isusulat ang mga bagay na aking sasabihin.

41 At sa araw na ipagwawalang-saysay ng mga anak ng tao ang aking mga salita at [a]alisin ang marami sa mga yaon mula sa aklat na iyong isusulat, masdan, ako ay [b]magbabangon ng isa pang tulad mo; at ang mga [c]ito ay muling mapapasa mga anak ng tao—sa kasindami ng maniniwala.

32*b* Awit 19:1; Moi. 5:7–8. GBK Biyaya.
*c* GBK Katotohanan.
33*a* Awit 8:3–4; D at T 76:24; Moi. 7:29–30.
*b* GBK Likha, Paglikha.
*c* Moi. 1:6.
34*a* Moi. 3:7.
*b* Abr. 1:3. GBK Adan.
*c* Moi. 4:26; 6:9.
35*a* Moi. 1:6; 7:36.
37*a* Abr. 4:1. GBK Langit.
38*a* Moi. 1:4.
39*a* Rom. 8:16–17; 2 Ne. 2:14–15. GBK Plano ng Pagtubos.
*b* GBK Kaluwalhatian.
*c* GBK Kawalang-kamatayan, Walang Kamatayan.
*d* GBK Buhay na Walang Hanggan.
40*a* 2 Ne. 29:11–12.
41*a* 1 Ne. 13:23–32; Moi. 1:23.
*b* 2 Ne. 3:7–19.
*c* 1 Ne. 13:32, 39–40; D at T 9:2.

42 (Ang mga salitang ito ay
[a]sinabi kay Moises sa bundok, ang pangalan niyon ay hindi ipaaalam sa mga anak ng tao. At ngayon, ang mga ito ay sinasabi sa inyo. Huwag ipakita ang mga ito sa sinuman maliban sa kanila na maniniwala. Gayon nga ito. Amen.)

## KABANATA 2

*(Hunyo–Oktubre 1830)*

*Ang Diyos ang lumikha ng langit at ng lupa—Lahat ng uri ng buhay ay nilikha—Ang Diyos ang gumawa ng tao at binigyan siya ng kapangyarihan sa lahat ng iba pa.*

AT ito ay nangyari na, na ang Panginoon ay nangusap kay Moises, nagsasabing: Masdan, aking [a]ipinahahayag sa iyo ang hinggil sa [b]langit na ito, at sa [c]lupang ito; isulat mo ang mga salitang aking sinasabi. Ako ang Simula at ang Katapusan, ang [d]Pinakamakapangyarihang Diyos; sa pamamagitan ng aking [e]Bugtong na Anak ay [f]nilalang ko ang mga bagay na ito; oo, sa simula aking nilalang ang langit, at ang lupa kung saan ka nakatayo.
2 At ang [a]mundo ay walang kaayusan, at walang laman; at aking pinapangyari na ang kadiliman ay mapasaibabaw ng kailaliman; at ang aking Espiritu ay sumasaibabaw ng tubig; sapagkat ako ang Diyos.
3 At ako, ang Diyos, ay nagsabing: Magkaroon ng [a]liwanag; at nagkaroon ng liwanag.
4 At ako, ang Diyos, ay nakita ang liwanag; at ang liwanag na yaon ay [a]mabuti. At ako, ang Diyos, ay inihiwalay ang liwanag sa kadiliman.
5 At ako, ang Diyos, ay tinawag ang liwanag na Araw; at ang kadiliman, ay aking tinawag na Gabi; at ito ay ginawa ko sa pamamagitan ng [a]salita ng aking kapangyarihan, at ito ay natupad habang ako ay [b]nagsasalita; at ang gabi at ang umaga ang unang [c]araw.
6 At muli, ako, ang Diyos, ay nagsabi: Magkaroon ng isang [a]kalawakan sa gitna ng tubig, at nagkagayon nga, gaya ng aking sinabi; at aking sinabi: Mahiwalay ang mga tubig sa kapwa mga tubig; at ito ay natupad;
7 At ako, ang Diyos, ay nilikha ang kalawakan at pinaghiwalay ang mga [a]tubig, oo, ang malawak na mga tubig na nasa ilalim ng kalawakan mula sa mga tubig na nasa itaas ng kalawakan, at nagkagayon nga gaya ng aking sinabi.
8 At ako, ang Diyos, ay tinawag ang kalawakan na [a]Langit; at ang gabi at ang umaga ang ikalawang araw.
9 At ako, ang Diyos, ay nag-

42*a* Moi. 1:1.
**2** 1*a* Moi. 1:30, 36.
*b* GBK Langit.
*c* Moi. 1:8.
*d* GBK Diyos, Panguluhang Diyos—Diyos Ama.
*e* GBK Bugtong na Anak.
*f* GBK Likha, Paglikha.
2*a* Gen. 1:2; Abr. 4:2.
3*a* D at T 88:6–13. GBK Ilaw, Liwanag ni Cristo.
4*a* Gen. 1:4; Abr. 4:4.
5*a* Moi. 1:32.
*b* 2 Cor. 4:6.
*c* Gen. 1:5.
6*a* Gen. 1:6–8.
7*a* Abr. 4:9–10.
8*a* GBK Langit.

sabi: Mapisan ang mga tubig na
nasa silong ng langit sa [a]isang
dako, at nagkagayon nga; at ako,
ang Diyos, ay nagsabi: Magka-
roon ng katuyuan; at nagkaga-
yon nga.
10 At ako, ang Diyos, ay tina-
wag ang katuyuan na [a]Lupa; at
ang kapisanan ng mga tubig ay
tinawag kong Dagat, at ako,
ang Diyos, ay nakita na ang la-
hat ng bagay na aking nilikha ay
mabuti.
11 At ako, ang Diyos, ay nagsa-
bi: Sibulan ang lupa ng [a]damo,
pananim na nagkakabinhi, at
punungkahoy na namumunga,
ayon sa kanyang uri, at ang pu-
nungkahoy na namumunga, na
taglay ang kanyang binhi sa iba-
baw ng lupa, at nagkagayon nga
gaya ng aking sinabi.
12 At ang lupa ay sinibulan ng
damo, bawat pananim na nag-
kakabinhi ayon sa kanyang uri,
at ng punungkahoy na namu-
munga, na taglay ang kanyang
binhi, ayon sa kanyang uri; at
ako, ang Diyos, ay nakita na ang
lahat ng bagay na aking nilikha
ay mabuti;
13 At ang gabi at ang umaga
ang ikatlong araw.
14 At ako, ang Diyos, ay nagsa-
bi: Magkaroon ng mga tanglaw
sa kalawakan ng langit, upang
paghiwalayin ang araw mula
sa gabi, at maging mga pinaka-
tanda at pinakabahagi ng mga
panahon, ng mga araw, at ng
mga taon;
15 At maging pinakatanglaw
sa kalawakan ng langit upang
tumanglaw sa lupa; at nagka-
gayon nga.
16 At ako, ang Diyos, ay lu-
mikha ng dalawang malalaking
tanglaw; ang malaking [a]tanglaw
upang mamayani sa araw, at
ang maliit na tanglaw upang
mamayani sa gabi, at ang mala-
king tanglaw ay araw at ang
maliit na tanglaw ay buwan; at
nalikha rin ang mga bituin ma-
ging ayon sa aking salita.
17 At ako, ang Diyos, ay inila-
gay ang mga ito sa kalawakan
ng langit upang tumanglaw sa
ibabaw ng lupa,
18 At ang araw upang mama-
yani sa araw, at ang buwan
upang mamayani sa gabi, at
upang mahiwalay ang liwanag
mula sa kadiliman; at ako, ang
Diyos, ay nakitang ang lahat ng
bagay na aking nilikha ay ma-
buti;
19 At ang gabi at ang umaga
ang ikaapat na araw.
20 At ako, ang Diyos, ay nagsa-
bi: Bukalan nang sagana ang tu-
big ng mga gumagalaw na kina-
pal na may buhay, at magsilipad
ang mga ibon sa itaas ng lupa sa
luwal na kalawakan ng langit.
21 At ako, ang Diyos, ay luma-
lang ng malalaking [a]balyena sa
dagat, at ng bawat may buhay
na kinapal na gumagalaw, na
ibinukal nang sagana ng mga
tubig, ayon sa kani-kanilang uri,
at bawat may pakpak na mga
ibon ayon sa kani-kanilang uri;
at ako, ang Diyos, ay nakita na
ang lahat ng bagay na aking ni-
likha ay mabuti.

9*a* Gen. 1:9; Abr. 4:9.
10*a* GBK Mundo.
11*a* Gen. 1:11–12; Abr. 4:11–12.
16*a* Gen. 1:16.
21*a* Gen. 1:21; Abr. 4:21.

22 At ako, ang Diyos, ay binasbasan ang mga ito, sinasabing: Kayo ay maging palaanakin at [a]magpakarami, at inyong punuin ang mga tubig sa dagat; at magpakarami ang mga ibon sa lupa;

23 At ang gabi at ang umaga ang ikalimang araw.

24 At ako, ang Diyos, ay nagsabi: Bukalan ang lupa ng mga buhay na kinapal ayon sa kani-kanilang uri, ng hayop, at ng mga kinapal na gumagapang, at mga ganid sa lupa ayon sa kani-kanilang uri, at nagkagayon nga;

25 At ako, ang Diyos, ay lumikha ng mga ganid sa lupa ayon sa kanilang uri, at mga hayop ayon sa kanilang uri, at ng lahat ng gumagapang sa lupa ayon sa kani-kanilang uri; at ako, ang Diyos, ay nakitang ang lahat ng bagay na ito ay mabuti.

26 At ako, ang Diyos, ay nagsabi sa aking [a]Bugtong na Anak, na kasama ko mula pa sa simula: [b]Likhain natin ang tao sa ating [c]larawan, ayon sa ating wangis; at nagkagayon nga. At ako, ang Diyos, ay nagsabi: Magkaroon sila ng [d]kapangyarihan sa mga isda sa karagatan, at sa mga ibon sa himpapawid, at sa mga hayop, at sa buong lupa, at sa bawat gumagapang na nagsisigalaw sa lupa.

27 At ako, ang [a]Diyos, ay lumalang ng tao ayon sa aking sariling larawan, ayon sa kaanyuan ng aking Bugtong na Anak ay nilalang ko siya; lalaki at babae ay nilalang ko sila.

28 At ako, ang Diyos, ay binasbasan sila at sinabi sa kanila: Kayo ay maging palaanakin, at [a]magpakarami, at kalatan ninyo ang lupa, at supilin ito, at magkaroon kayo ng kapangyarihan sa isda sa dagat, at sa ibon sa himpapawid, at sa bawat kinapal na gumagalaw sa lupa.

29 At ako, ang Diyos, ay nagsabi sa tao: Masdan, ibinigay ko sa inyo ang bawat pananim na nagkakabinhi, na nasa ibabaw ng buong lupa, at bawat punungkahoy na may bunga ng punungkahoy na nagkakabinhi; sa inyo ito ay magiging [a]pagkain.

30 At sa bawat hayop sa lupa, at sa bawat ibon sa himpapawid, at sa bawat gumagapang sa lupa, na binigyan ko ng buhay, ay ibinigay ko ang lahat ng pananim na sariwa na pinakapagkain; at nagkagayon nga maging gaya ng aking sinabi.

31 At ako, ang Diyos, ay nakita ang lahat ng aking nilikha, at masdan, lahat ng bagay na aking nilikha ay [a]napakabuti; at ang gabi at umaga ang [b]ikaanim na araw.

## KABANATA 3

*(Hunyo–Oktubre 1830)*

*Nilikha ng Diyos ang lahat ng ba-*

22*a* Gen. 1:22–25; Abr. 4:22–25.
26*a* GBK Jesucristo.
*b* GBK Likha, Paglikha.
*c* Gen. 1:26–27; Moi. 6:8–10; Abr. 4:26–27.
*d* Gen. 1:28; Moi. 5:1; Abr. 4:28.
27*a* GBK Diyos, Panguluhang Diyos.
28*a* Moi. 5:2.
29*a* Gen. 1:29–30; Abr. 4:29–30.
31*a* Gen. 1:31; D at T 59:16–20.
*b* Ex. 20:11; Abr. 4:31.

*gay na espirituwal bago sila naging likas sa ibabaw ng lupa—Nilikha niya ang tao, ang unang laman sa mundo—Ang babae ay katuwang na makakasama ng lalaki.*

SA gayon ang langit at ang lupa ay [a]nayari, at ang lahat ng [b]kinapal sa mga iyon.

2 At sa ikapitong araw ako, ang Diyos, ay tinapos ang aking gawain, at lahat ng bagay na aking nilikha; at ako ay [a]nagpahinga sa [b]ikapitong araw mula sa lahat ng aking gawain, at lahat ng bagay na aking nilikha ay nayari, at ako, ang Diyos, ay nakitang ang mga ito ay mabuti;

3 At ako, ang Diyos, ay [a]binasbasan ang ikapitong araw, at ginawang banal ito; sapagkat ako rito ay nangilin mula sa lahat ng aking [b]gawain na ako, ang Diyos, ang lumikha at gumawa.

4 At ngayon, masdan, sinasabi ko sa iyo, na ito ang kasaysayan ng langit at ng lupa nang lalangin noong araw, nang ako, ang Panginoong Diyos ay lumikha ng langit at ng lupa,

5 At bawat halaman sa parang [a]bago ito napasalupa, at bawat pananim sa parang bago ito lumago. Sapagkat ako, ang Panginoong Diyos, ang [b]lumalang ng lahat ng bagay na aking nabanggit, sa [c]espiritu, bago ang mga ito ay naging likas sa balat ng lupa. Sapagkat ako, ang Panginoong Diyos, ay hindi pa pinauulanan ang balat ng lupa. At ako, ang Panginoong Diyos ang [d]lumalang sa lahat ng anak ng tao; at wala pang taong magbubungkal ng [e]lupa; sapagkat sa [f]langit [g]nilalang ko sila; at wala pang laman sa lupa, ni sa tubig, ni sa himpapawid;

6 Subalit ako, ang Panginoong Diyos, ay nagsalita, at may isang [a]ulap na pumaitaas buhat sa lupa, at dinilig ang ibabaw ng buong lupa.

7 At ako, ang Panginoong Diyos, ay hinubog ang tao mula sa [a]alabok ng lupa, at hiningahan ang kanyang ilong ng hininga ng buhay; at ang [b]tao ay naging [c]kaluluwang may buhay, ang [d]unang laman sa lupa, ang una ring lalaki; gayon pa man, ang lahat ng bagay ay ganoon na bago pa nilalang; subalit ang mga ito ay nilalang na espirituwal at nilikha alinsunod sa aking salita.

8 At ako, ang Panginoong Diyos, ay naglagay ng isang halamanan, sa dakong silangan ng [a]Eden, at doon ko inilagay ang tao na aking hinubog.

**3** 1*a* GBK Likha, Paglikha.
*b* Gen. 2:1; Abr. 5:1.
2*a* Gen. 2:2–3; Abr. 5:2–3. GBK Kapahingahan.
*b* GBK Araw ng Sabbath.
3*a* Mos. 13:19.
*b* Ex. 31:14–15.
5*a* Gen. 2:4–5; Abr. 5:4–5.
*b* Moi. 6:51.
*c* Abr. 3:23; D at T 29:31–34. GBK Espiritung Paglikha.
*d* GBK Espiritu.
*e* Gen. 2:5.
*f* GBK Langit.
*g* GBK Tao, Mga Tao—Tao, espiritung anak ng Ama sa Langit.
6*a* Gen. 2:6.
7*a* Gen. 2:7; Moi. 4:25; 6:59; Abr. 5:7.
*b* GBK Adan.
*c* GBK Kaluluwa.
*d* Moi. 1:34.
8*a* GBK Eden.

9 At mula sa lupa ay pinatubo
ko, ang Panginoong Diyos, ang
bawat punungkahoy, nang li-
kas, na nakalulugod sa paningin
ng tao; at maaaring mamasdan
ito ng tao. At ito rin ay naging
isang kaluluwang may buhay.
Sapagkat ito ay espirituwal sa
araw na aking lalangin ito; sa-
pagkat ito ay nanatili sa kalaga-
yan kung saan ako, ang Diyos,
ay nilalang ito, oo, maging ang
lahat ng bagay na aking inihan-
da upang magamit ng tao; at
nakita ng tao na ito ay mabuting
kainin. At ako, ang Panginoong
Diyos, ay nagtanim din ng [a]pu-
nungkahoy ng buhay sa gitna
ng halamanan, at gayon din ng
[b]punungkahoy ng pagkakilala
ng mabuti at masama.
10 At ako, ang Panginoong
Diyos, ay pinapangyari na isang
ilog ang dumaloy mula sa Eden
upang dumilig sa halamanan; at
mula roon ito ay nahati at nag-
apat na [a]sanga.
11 At ako, ang Panginoong
Diyos, ay tinawag ang pangalan
ng una na Pison, at ito ay lumili-
gid sa buong lupain ng Havilah,
kung saan ako, ang Pangino-
ong Diyos, ay lumalang ng ma-
raming ginto;
12 At ang ginto ng lupaing
yaon ay mabuti, at doon ay may
bdelio at batong onix.
13 At ang pangalan ng ikala-
wang ilog ay tinawag na Gihon;
na siya ring lumiligid sa buong
lupain ng Ethiopia.
14 At ang pangalan ng ikatlong
ilog ay Hiddecel; na siya ring
umaagos patungo sa silangang
Asiria. At ang ikaapat na ilog ay
Eufrates.
15 At ako, ang Panginoong
Diyos, ay kinuha ang lalaki, at
inilagay siya sa Halamanan ng
Eden, upang alagaan ito, at
ingatan ito.
16 At ako, ang Panginoong
Diyos, ay iniutos sa lalaki, sina-
sabing: Sa lahat ng punungka-
hoy sa halamanan ay malaya
kang makakakain,
17 Datapwat sa punungkahoy
ng kaalaman ng mabuti at ma-
sama, ay huwag kang kakain
nito, gayon pa man, ikaw ay ma-
aaring [a]mamili para sa iyong sa-
rili, sapagkat ito ay ibinigay sa
iyo; subalit, pakatandaan na ito
ay aking ipinagbabawal, sapag-
kat sa [b]araw na kumain ka niyon
ikaw ay tiyak na [c]mamamatay.
18 At ako, ang Panginoong
Diyos, ay nagsabi sa aking [a]Bug-
tong na Anak, na hindi mabuti
na ang lalaki ay mag-isa; kaya
nga, ako ay lilikha ng isang [b]ka-
tuwang para sa kanya.
19 At mula sa lupa ako, ang
Panginoong Diyos, ay naghu-
bog ng lahat ng hayop sa pa-
rang, lahat ng ibon sa himpa-
pawid; at nag-utos na ang mga
ito ay lumapit kay Adan, upang

9*a* GBK Punungkahoy ng Buhay.
*b* Gen. 2:9.
10*a* Gen. 2:10.
17*a* Moi. 7:32. GBK Kalayaang Mamili.
*b* Abr. 5:13.
*c* Gen. 2:17. GBK Kamatayan, Pisikal na; Tiyak na Pagkamatay, May Kamatayan.
18*a* GBK Bugtong na Anak.
*b* Gen. 2:18; Abr. 5:14.

malaman kung ano ang itata-
wag niya sa mga iyon; at ang
mga ito rin ay mga kaluluwang
may buhay sapagkat ako, ang
Diyos, ay hiningahan ang mga
ito ng hininga ng buhay at nag-
utos na anuman ang itawag ni
Adan sa bawat kinapal na may
buhay ay yaon ang magiging
pangalan niyon.
20 At pinangalanan ni Adan ang
lahat ng hayop, at ang mga ibon
sa himpapawid, at ang bawat
ganid sa parang; subalit sa ga-
nang kay Adan, ay walang natag-
puang maging katuwang niya.
21 At ako, ang Panginoong
Diyos, ay pinatulog nang ma-
himbing si Adan; at siya ay na-
tulog, at ako ay kumuha ng isa
sa kanyang mga tadyang at pi-
napaghilom ang laman sa da-
kong yaon;
22 At ang tadyang na kinu-
ha ko, ang Panginoong Diyos,
mula sa lalaki, ay nilikha kong
isang [a]babae, at dinala siya sa
lalaki.
23 At sinabi ni Adan: Ito nga-
yon ay nalalaman kong buto ng
aking buto, at [a]laman ng aking
laman; siya ay tatawaging Ba-
bae, sapagkat siya ay kinuha sa
lalaki.
24 Kaya nga, iiwan ng lalaki
ang kanyang ama at ang kan-
yang ina, at [a]makikipisan sa
kanyang asawa; at sila ay ma-
giging [b]isang laman.
25 At sila ay kapwa hubad,
ang lalaki at ang kanyang asa-
wa, at sila ay hindi nagkaka-
hiyaan.

## KABANATA 4

*(Hunyo–Oktubre 1830)*

*Kung paano si Satanas ay naging diyablo—Kanyang tinukso si Eva—Sina Adan at Eva ay nahulog at nagkaroon ng kamatayan sa daigdig.*

AT ako, ang Panginoong Diyos,
ay nangusap kay Moises, si-
nasabing: Yaong si [a]Satanas, na
iyong pinalayas sa pangalan
ng aking Bugtong na Anak, ay
yaon ding nagmula sa [b]simula,
at siya ay lumapit sa aking ha-
rapan, nagsasabing—Masdan,
naririto ako, isugo ninyo ako,
ako ang magiging inyong anak,
at aking tutubusin ang buong
sangkatauhan, upang wala ni
isa mang katao ang mawala, at
tiyak na [c]akin itong magagawa;
kaya nga, ibigay ninyo sa akin
ang inyong karangalan.
2 Subalit, masdan, ang aking
Minamahal na [a]Anak, na aking
Minamahal at [b]Pinili mula pa sa
simula, ay nagsabi sa akin—
[c]Ama, masusunod ang inyong
[d]kalooban, at ang [e]kaluwalhati-
an ay mapasainyo magpasawa-
lang hanggan.

22*a* GBK Eva; Babae, Kababaihan.
23*a* Gen. 2:23; Abr. 5:17.
24*a* Gen. 2:24; D at T 42:22; 49:15–16; Abr. 5:17–18.
*b* GBK Kasal, Pagpapakasal.
**4** 1*a* GBK Diyablo.
*b* D at T 29:36–37.
*c* Is. 14:12–15.
2*a* GBK Jesucristo.
*b* Moi. 7:39; Abr. 3:27. GBK Pag-oorden sa Simula Pa.
*c* GBK Diyos, Panguluhang Diyos—Diyos Ama.
*d* Lu. 22:42.
*e* GBK Kaluwalhatian.

3 Dahil dito, sapagkat yaong si Satanas ay [a]naghimagsik laban sa akin, at naghangad na wasakin ang [b]kalayaan ng tao, na ako, ang Panginoong Diyos, ang nagbigay sa kanya, at gayon din, na aking dapat ibigay sa kanya ang aking sariling kapangyarihan; sa pamamagitan ng kapangyarihan ng aking Bugtong na Anak, aking pinapangyaring siya ay [c]mapalayas;

4 At siya ay naging si Satanas, oo, maging ang diyablo, ang ama ng lahat ng [a]kasinungalingan, upang linlangin at bulagin ang mga tao, at akayin silang bihag sa kanyang kagustuhan, maging kasindami ng hindi makikinig sa aking tinig.

5 At ngayon ang ahas ay lalong [a]tuso kaysa alinmang hayop sa parang na ako, ang Panginoong Diyos, ang lumikha.

6 At inilagay ni Satanas sa puso ng ahas, (sapagkat marami siyang naakit palayo,) at kanyang hinangad ding linlangin si [a]Eva, sapagkat hindi niya alam ang pag-iisip ng Diyos, anupa't hinangad niyang wasakin ang sanlibutan.

7 At kanyang sinabi sa babae: Oo, sinabi ba ng Diyos—Hindi ka dapat kumain sa bawat punungkahoy ng [a]halamanan? (At siya ay nagsalita sa pamamagitan ng bibig ng ahas.)

8 At sinabi ng babae sa ahas: Makakakain kami sa bunga ng mga punungkahoy sa halamanan;

9 Subalit sa bunga ng punungkahoy na iyong makikita sa gitna ng halamanan, ay sinabi ng Diyos—Huwag kayong kakain nito, ni huwag ninyong hihipuin ito at tiyak na kayo ay mamamatay.

10 At sinabi ng ahas sa babae: Hindi ka tiyak na mamamatay;

11 Sapagkat nalalaman ng Diyos na sa araw na kumain kayo niyon, sa gayon ang inyong mga [a]mata ay mamumulat, at kayo ay magiging tulad ng mga diyos, na [b]nakakikilala ng mabuti at masama.

12 At nang makita ng babae na ang punungkahoy ay mabuting kainin at ito ay nakalulugod sa mga mata, at isang punungkahoy na [a]mananasa upang magparunong sa kanya siya ay pumitas ng bunga niyon, at [b]kinain, at binigyan din ang kanyang asawa na kasama niya, at siya ay kumain.

13 At namulat kapwa ang kanilang mga mata, at kanilang nalamang sila'y mga [a]hubad. At sila ay magkasamang tumahi ng mga dahon ng puno ng igos at kanilang ginawan ng panapi ang kanilang sarili.

14 At narinig nila ang tinig ng Panginoong Diyos, habang sila

3*a* GBK Kapulungan sa Langit.
*b* GBK Kalayaang Mamili.
*c* D at T 76:25–27.
4*a* 2 Ne. 2:18; D at T 10:25. GBK Mapanlinlang, Manlinlang, Panlilinlang; Pagsisinungaling.
5*a* Gen. 3:1; Mos. 16:3; Alma 12:4.
6*a* GBK Eva.
7*a* GBK Eden.
11*a* Gen. 3:3–6; Moi. 5:10.
*b* Alma 12:31.
12*a* Gen. 3:6.
*b* GBK Pagkahulog nina Adan at Eva.
13*a* Gen. 2:25.

ay [a]naglalakad sa halamanan, sa lamig ng maghapon; at itinago ni Adan at ng kanyang asawa ang kanilang sarili mula sa harapan ng Panginoong Diyos sa gitna ng mga punungkahoy sa halamanan.
15 At ako, ang Panginoong Diyos, ay tinawag si Adan, at sinabi sa kanya: Saan ka [a]paroroon?
16 At sinabi niya: Narinig ko ang inyong tinig sa halamanan, at ako ay natakot, sapagkat aking natalos na ako ay hubad, at ako ay nagtago.
17 At ako, ang Panginoong Diyos, ay nagsabi kay Adan: Sino ang nagsabi sa iyong ikaw ay hubad? Nakakain ka ba ng bunga ng punungkahoy na yaong iniutos ko sa iyong huwag mong kainin, kung magkagayon ay walang pagsalang [a]mamamatay ka?
18 At sinabi ng lalaki: Ang babaing ibinigay ninyo sa akin, at ipinag-utos na siya ay manatiling kasama ko, siya ang nagbigay sa akin ng bunga ng punungkahoy at ako ay kumain.
19 At ako, ang Panginoong Diyos, ay nagsabi sa babae: Ano ang bagay na ito na iyong ginawa? At sinabi ng babae: [a]Dinaya ako ng ahas, at ako ay kumain.
20 At ako, ang Panginoong Diyos, ay nagsabi sa ahas: Sapagkat ginawa mo ito ay [a]sumpain ka nang higit sa lahat ng hayop, at nang higit sa bawat ganid sa parang; ang iyong tiyan ang ipanggagapang mo, at alabok ang iyong kakainin sa lahat ng araw ng iyong buhay;
21 At papag-aalitin kita at ang babae, ang iyong binhi at ang kanyang binhi; at siya ang susugat ng iyong ulo, at ikaw ang susugat ng kanyang sakong.
22 Sa babae, ako, ang Panginoong Diyos, ay nagsabi: Pararamihin kong lubha ang iyong pagdadalamhati at ang iyong paglilihi. [a]Mahihirapan ka sa pagsisilang ng mga anak, at sa iyong asawa ay pahihinuhod ang iyong kalooban, at siya ay papanginoon sa iyo.
23 At kay Adan, ako, ang Panginoong Diyos, ay nagsabi: Sapagkat iyong dininig ang tinig ng iyong asawa, at kumain ka ng bunga ng punungkahoy na aking iniutos sa iyo, nagsasabing—Huwag kang kakain niyon, sumpain ang lupa dahil sa iyo; sa dalamhati kakain ka sa kanya sa pamamagitan ng iyong pagpapagal sa lahat ng araw ng iyong buhay.
24 Mga tinik din, at dawag ang isisibol nito sa iyo, at kakain ka ng mga pananim sa parang.
25 Sa pamamagitan ng [a]pawis ng iyong mukha, ay kakain ka ng tinapay, hanggang sa ikaw ay mauwi sa lupa—sapagkat walang pagsalang mamamatay ka—sapagkat doon ka kinuha: sapagkat ikaw ay [b]alabok, at sa alabok ka mauuwi.

14*a* Gen. 3:8.
15*a* Gen. 3:9.
17*a* Moi. 3:17.
19*a* Gen. 3:13; Mos. 16:3.
20*a* Gen. 3:13–15.
22*a* Gen. 3:16.
25*a* Gen. 3:17–19. GBK Pagkahulog nina Adan at Eva.
*b* Gen. 2:7; Moi. 6:59; Abr. 5:7.

26 At tinawag na Eva ni Adan ang kanyang asawa dahil siya ang ina ng lahat ng nabubuhay; sapagkat sa gayon ko, ang Panginoong Diyos, tinawag ang una sa lahat ng babae, na [a]napakarami.

27 Kay Adan, at gayon din sa kanyang asawa, ay gumawa ako, ang Panginoong Diyos, ng mga kasuotang balat, at sila ay [a]dinamitan.

28 At ako, ang Panginoong Diyos, ay nagsabi sa aking Bugtong na Anak: Masdan, ang [a]tao ay naging tulad natin na [b]nakakikilala ng mabuti at masama; at ngayon ay baka iunat niya ang kanyang kamay at [c]kumain din sa [d]punungkahoy ng buhay, at kumain at mabuhay magpakailanman.

29 Kaya nga ako, ang Panginoong Diyos, ay palalayasin siya sa Halamanan ng [a]Eden upang kanyang bungkalin ang lupa na pinagkunan sa kanya;

30 Sapagkat yayamang ako, ang Panginoong Diyos, ay buhay gayon din ang aking mga [a]salita ay hindi mapawawalangsaysay, sapagkat gaya ng paglabas ng mga ito sa aking bibig, ang mga ito ay kinakailangang matupad.

31 Sa gayon pinalayas ko ang tao, at inilagay ko sa silangan ng Halamanan ng Eden, ang [a]kerubin at ang nagniningas na espada, na umiikot upang ingatan ang daan patungo sa punungkahoy ng buhay.

32 (At ito ang mga salitang sinabi ko sa aking tagapaglingkod na si Moises, at ang mga ito ay totoo maging gaya ng aking kalooban; at aking sinabi ang mga ito sa iyo. Tiyakin mong huwag ipakita ang mga ito sa kanino man, hanggang sa aking ipag-utos sa iyo, maliban sa kanila na naniniwala. Amen.)

## KABANATA 5

*(Hunyo–Oktubre 1830)*

*Sina Adan at Eva ay nagkaroon ng mga anak—Si Adan ay nag-alay ng hain, naglingkod sa Diyos—Sina Cain at Abel ay isinilang—Si Cain ay naghimagsik, minahal si Satanas nang higit pa kaysa Diyos, at naging Kapahamakan—Ang pagpaslang at kasamaan ay lumaganap—Ipinangaral ang ebanghelyo mula pa sa simula.*

AT ito ay nangyari na, nang matapos ko, ang Panginoong Diyos, na itaboy silang palabas, na si Adan ay nagsimulang magbungkal ng lupa, at magkaroon ng [a]kapangyarihan sa lahat ng hayop sa parang, at kainin ang kanyang tinapay sa pamamagitan ng pawis ng kanyang kilay, tulad ng ipinag-utos ko, ang Panginoon, sa kanya. At

26*a* Moi. 1:34; 6:9.
27*a* GBK Kayumian.
28*a* Gen. 3:22. GBK Tao, Mga Tao—Tao, may kakayahang maging katulad ng Ama sa Langit.
*b* GBK Kaalaman.
*c* Alma 42:4–5.
*d* Gen. 2:9; 1 Ne. 11:25; Moi. 3:9. GBK Punungkahoy ng Buhay.
29*a* GBK Eden.
30*a* 1 Hari 8:56; D at T 1:38.
31*a* Alma 42:3. GBK Kerubin, Mga.
**5** 1*a* Moi. 2:26.

gayon din si Eva, na kanyang asawa, ay nagpagal na kasama niya.
2 At nakilala ni Adan ang kanyang asawa, at siya ay [a]nagsilang sa kanya ng mga anak na lalaki at [b]babae, at sila ay nagsimulang [c]dumami at kinalatan ang lupa.
3 At magmula sa araw na yaon, ang mga anak na lalaki at [a]babae ni Adan ay nagsimulang mahati nang dala-dalawa sa lupa, at magbungkal ng lupa, at mag-alaga ng mga kawan, at sila ay nagkaroon din ng mga anak na lalaki at babae.
4 At si Adan at si Eva, na kanyang asawa, ay nanawagan sa pangalan ng Panginoon, at kanilang narinig ang tinig ng Panginoon sa daan patungo sa Halamanan ng [a]Eden, nangungusap sa kanila, at siya ay hindi nila nakita; sapagkat sila ay pinagsarhan mula sa kanyang [b]harapan.
5 At siya ay nagbigay sa kanila ng mga kautusan, na kanilang nararapat [a]sambahin ang Panginoon nilang Diyos, at nararapat ialay ang mga [b]panganay ng kanilang mga kawan, bilang isang handog sa Panginoon. At si Adan ay naging [c]masunurin sa mga kautusan ng Panginoon.
6 At pagkalipas ng maraming araw, isang [a]anghel ng Panginoon ang nagpakita kay Adan, nagsasabing: Bakit ka nag-aalay ng mga [b]hain sa Panginoon? At sinabi ni Adan sa kanya: Hindi ko batid, maliban sa iniutos sa akin ng Panginoon.
7 At sa gayon nangusap ang anghel, nagsasabing: Ang bagay na ito ay [a]kahalintulad ng [b]sakripisyo ng Bugtong na Anak ng Ama, na puspos ng [c]biyaya at katotohanan.
8 Kaya nga, gawin mo ang lahat ng iyong ginagawa sa [a]pangalan ng Anak, at ikaw ay [b]magsisisi at [c]manawagan sa Diyos sa pangalan ng Anak magpakailanman.
9 At nang araw na yaon ang [a]Espiritu Santo ay napasa kay Adan, na siyang nagpapatotoo sa Ama at sa Anak, nagsasabing: Ako ang [b]Bugtong na Anak ng Ama mula pa sa simula, ngayon at magpakailanman, nang sa iyong [c]pagkahulog ikaw ay [d]matubos, at ang buong sangkatauhan, maging kasindami ng magnanais.
10 At sa araw na yaon, pi-

2*a* Gen. 5:4.
*b* D at T 138:39.
*c* Gen. 1:28; Moi. 2:28.
3*a* Moi. 5:28.
4*a* GBK Eden.
*b* Alma 42:9.
5*a* GBK Pagsamba.
*b* Ex. 13:12–13; Blg. 18:17; Mos. 2:3. GBK Panganay.
*c* GBK Pagsunod, Masunurin, Sumunod.
6*a* GBK Anghel, Mga.
*b* GBK Hain.
7*a* GBK Jesucristo—Mga kahalintulad o mga sagisag ni Cristo.
*b* Alma 34:10–15. GBK Dugo.
*c* Moi. 1:6, 32. GBK Biyaya.
8*a* 2 Ne. 31:21.
*b* Moi. 6:57. GBK Magsisi, Pagsisisi.
*c* GBK Panalangin.
9*a* GBK Espiritu Santo.
*b* GBK Jesucristo; Bugtong na Anak.
*c* GBK Kamatayan, Espirituwal na; Pagkahulog nina Adan at Eva.
*d* Mos. 27:24–26; D at T 93:38; S ng P 3. GBK Plano ng Pagtubos; Tubos, Tinubos, Pagtubos.

napurihan ni Adan ang Diyos at [a]napuspos, at nagsimulang [b]magpropesiya hinggil sa lahat ng mag-anak sa mundo, nagsasabing: Purihin ang pangalan ng Diyos, sapagkat dahil sa paglabag ko ang aking mga mata ay namulat, at sa buhay na ito ako ay makatatamo ng [c]kagalakan, at muli sa [d]laman aking makikita ang Diyos.

11 At si [a]Eva, na kanyang asawa, ay narinig ang lahat ng bagay na ito at natuwa, nagsasabing: Kung hindi dahil sa ating paglabag tayo sana ay hindi nagkaroon ng mga [b]binhi, at kailanman ay hindi nalaman ang mabuti at masama, at ang kagalakan ng ating pagkakatubos, at ang buhay na walang hanggan na ibinibigay ng Diyos sa lahat ng masunurin.

12 At pinapurihan nina Adan at Eva ang pangalan ng Diyos, at [a]ipinaalam nila ang lahat ng bagay sa kanilang mga anak na lalaki at babae.

13 At si [a]Satanas ay nakihalubilo sa kanila, nagsasabing: Ako rin ay isang anak ng Diyos; at kanyang inutusan sila, nagsasabing: Huwag ninyo itong paniwalaan; at sila ay hindi [b]naniwala rito, at kanilang [c]minahal si Satanas nang higit pa sa Diyos. At magmula sa araw na yaon ang mga tao ay nagsimulang maging [d]makamundo, mahalay, at mala-diyablo.

14 At ang Panginoong Diyos ay nanawagan sa mga tao sa pamamagitan ng [a]Espiritu Santo sa lahat ng dako at nag-utos sa kanila na sila ay nararapat na magsipagsisi;

15 At kasindami ng mga [a]maniniwala sa Anak, at magsisisi ng kanilang mga kasalanan ay [b]maliligtas; at kasindami ng mga hindi maniniwala at hindi magsisisi ay [c]parurusahan; at ang mga salita ay namutawi sa bibig ng Diyos sa isang matibay na kautusan; anupa't ang mga ito ay kinakailangang matupad.

16 At si Adan at si Eva, na kanyang asawa, ay hindi tumigil sa pagtawag sa Diyos. At nakilala ni Adan si Eva, na kanyang asawa, at siya ay naglihi at isinilang si [a]Cain, at nagsabi: Pinagkalooban ako ng isang anak na lalaki ng Panginoon; kaya nga, hindi niya maaaring itatwa ang kanyang mga salita. Subalit masdan, si Cain ay hindi nakinig, sinasabing: Sino ang Panginoon na nararapat ko siyang makilala?

17 At siya ay muling naglihi at isinilang si [a]Abel na kanyang kapatid. At si Abel ay [b]nakinig sa tinig ng Panginoon. At si Abel ay isang tagapag-alaga ng tupa, samantalang si Cain ay isang tagapagbungkal ng lupa.

10*a* GBK Isilang na Muli, Isinilang sa Diyos.
*b* D at T 107:41–56. GBK Propesiya, Pagpopropesiya.
*c* GBK Kagalakan.
*d* Job 19:26; 2 Ne. 9:4.
11*a* GBK Eva.
*b* 2 Ne. 2:22–23.
12*a* Deut. 4:9.
13*a* GBK Diyablo.
*b* GBK Kawalang-paniniwala.
*c* Moi. 6:15.
*d* GBK Makamundo; Likas na Tao.
14*a* Juan 14:16–18, 26.
15*a* GBK Paniniwala, Maniwala.
*b* GBK Kaligtasan.
*c* D at T 42:60. GBK Kapahamakan.
16*a* Gen. 4:1–2. GBK Cain.
17*a* GBK Abel.
*b* Heb. 11:4.

18 At [a]minahal ni Cain si Satanas nang higit sa Diyos. At si Satanas ay nag-utos sa kanya, sinasabing: [b]Maghandog ka sa Panginoon.

19 At sa paglipas ng panahon nangyari na nagdala si Cain ng isang handog na mga bunga ng lupa sa Panginoon.

20 At nagdala rin naman si Abel ng mga panganay ng kanyang kawan, at ng taba niyaon. At isinaalang-alang ng Panginoon si Abel, at ang kanyang [a]handog.

21 Datapwat hindi isinaalang-alang si Cain at ang kanyang [a]handog. Ngayon, alam ito ni Satanas, at ito ay ikinasiya niya. At napoot nang labis si Cain, at namanglaw ang kanyang mukha.

22 At sinabi ng Panginoon kay Cain: Bakit ka napopoot? Bakit nagdilim ang iyong mukha?

23 Kung ikaw ay gumawa ng mabuti, ikaw ay [a]tatanggapin. At kung hindi ka gumawa ng mabuti, ay nag-aabang ang kasalanan sa pintuan, at si Satanas ay nagnanasa na maangkin ka; at maliban kung ikaw ay makikinig sa aking mga kautusan, akin kitang pababayaan, at mangyayari sa iyo alinsunod sa kanyang naisin. At ikaw ang papanginoonin niya;

24 Sapagkat simula sa oras na ito, ikaw ang magiging ama ng kanyang mga kasinungalingan; ikaw ay tatawaging [a]Kapahamakan; sapagkat ikaw ay naroon din bago pa ang daigdig.

25 At ito ang sasabihin sa panahong darating—Na ang mga [a]karumal-dumal na gawaing ito ay mayroon na mula pa kay Cain; sapagkat kanyang tinanggihan ang dakilang payo na nagmula sa Diyos; at ito ay isang sumpa na aking ipapataw sa iyo, maliban kung ikaw ay magsisisi.

26 At si Cain ay napoot, at hindi na nakinig pang muli sa tinig ng Panginoon, ni kay Abel, na kanyang kapatid, na lumakad sa kabanalan sa harapan ng Panginoon.

27 At si Adan at ang kanyang asawa ay nagdalamhati sa harapan ng Panginoon, dahil kay Cain at sa kanyang mga kapatid.

28 At ito ay nangyari na, na kumuha si Cain ng isa sa mga anak na babae ng kanyang mga kapatid na lalaki upang maging asawa, at kanilang [a]minahal si Satanas nang higit pa sa Diyos.

29 At sinabi ni Satanas kay Cain: Sumumpa sa akin sa pamamagitan ng iyong lalamunan, at kung ipagsasabi mo ito, ikaw ay mamamatay; at pasumpain ang iyong mga kapatid sa pamamagitan ng kanilang mga ulo, at sa buhay na Diyos, na ito ay hindi nila ipagsasabi; sapagkat kung kanilang ipagsasabi ito, sila ay walang pagsalang mamamatay; at ito ay upang hindi ito malaman ng iyong ama; at

18*a* D at T 10:20–21.
*b* D at T 132:8–11.
20*a* GBK Pag-aalay; Hain.
21*a* Gen. 4:3–7.
23*a* Gen. 4:7; D at T 52:15; 97:8.
24*a* GBK Anak na Lalaki ng Kapahamakan, Mga.
25*a* Hel. 6:26–28.
28*a* Moi. 5:13.

sa araw na ito ay ibibigay ko ang iyong kapatid na si Abel sa iyong mga kamay.

30 At si Satanas ay nanumpa kay Cain na gagawin niya ang naaalinsunod sa kanyang mga utos. At lahat ng bagay na ito ay ginawa nang lihim.

31 At sinabi ni Cain: Tunay na ako si Mahan, ang panginoon ng malaking lihim na ito, upang ako ay [a]makapaslang at makinabang. Anupa't si Cain ay tinawag na Panginoong [b]Mahan, at siya ay nagmapuri sa kanyang kasamaan.

32 At si Cain ay nagtungo sa parang at nakipag-usap si Cain kay Abel, na kanyang kapatid. At ito ay nangyari, na habang sila ay nasa parang, naghimagsik si Cain laban kay Abel, na kanyang kapatid, at siya'y pinatay.

33 At si Cain ay [a]nagmalaki sa yaong kanyang ginawa, sinasabing: Ako ay malaya na; tunay na ang mga kawan ng aking kapatid ay mahuhulog sa aking mga kamay.

34 At sinabi ng Panginoon kay Cain: Saan naroon si Abel, na iyong kapatid? At sinabi niya: Hindi ko nalalaman. Ako ba ay [a]tagapagbantay ng aking kapatid?

35 At sinabi ng Panginoon: Ano itong ginawa mo? Ang tinig ng dugo ng iyong kapatid ay dumadaing sa akin mula sa lupa.

36 At ngayon, susumpain ka sa lupa na nagbuka ng kanyang bibig upang tanggapin ang dugo ng iyong kapatid mula sa iyong kamay.

37 Sa pagbubungkal mo ng lupa, ay di na niya ibibigay mula ngayon sa iyo ang kanyang lakas. Ikaw ay magiging isang [a]takas at hampas-lupa sa mundo.

38 At sinabi ni Cain sa Panginoon: [a]Tinukso ako ni Satanas dahil sa kawan ng aking kapatid. At ako ay napoot din; sapagkat inyong tinanggap ang kanyang handog at ang sa akin ay hindi; ang aking kaparusahan ay higit kaysa mababata ko.

39 Masdan, ako ay itinataboy ninyo ngayon mula sa harapan ng Panginoon, at mula sa inyong harapan ako ay matatago; at ako ay magiging isang takas at hampas-lupa sa mundo; at ito ay mangyayari, na siya na makasusumpong sa akin ay papatayin ako, dahil sa aking mga kasamaan, sapagkat ang mga bagay na ito ay hindi natatago sa Panginoon.

40 At ako, ang Panginoon ay nagsabi sa kanya: Sinumang pumatay sa iyo, ay makapitong gagantihan siya. At ako, ang Panginoon, ay naglagay ng isang [a]tanda kay Cain, nang hindi siya patayin ng sinumang makasumpong sa kanya.

41 At pinagsarhan si Cain sa [a]harapan ng Panginoon, at kasa-

31*a* GBK Pagpaslang.
*b* IE "Isip," "mangwawasak," at "ang dakila" ay mga maaaring kahulugan na makukuha mula sa salitang ugat ng "Mahan."
33*a* GBK Kapalaluan; Kamunduhan.
34*a* Gen. 4:9.
37*a* Gen. 4:11–12.
38*a* GBK Imbot; Tukso, Panunukso.
40*a* Gen. 4:15.
41*a* Moi. 6:49.

ma ang kanyang asawa at mara-
mi sa kanyang mga kapatid ay
nanirahan sa lupain ng Nod, sa
silangan ng Eden.
42 At nakilala ni Cain ang kan-
yang asawa, at siya ay naglihi at
isinilang si Enoc, at siya rin ay
nagkaroon ng maraming anak
na lalaki at babae. At siya ay
nagtayo ng isang lunsod, at tina-
wag niya ang [a]lunsod alinsunod
sa pangalan ng kanyang anak na
lalaki, na si Enoc.
43 At isinilang kay Enoc si Irad,
at iba pang mga anak na lalaki at
babae. At isinilang kay Irad si
Mehujael, at iba pang mga anak
na lalaki at babae. At isinilang
kay Mehujael si Metusael, at iba
pang mga anak na lalaki at ba-
bae. At isinilang kay Metusael
si Lamec.
44 At si Lamec ay nag-asawa
ng dalawa; ang pangalan ng isa
ay Ada, at ang pangalan ng isa
pa ay Zilla.
45 At isinilang ni Ada si Jabal;
na siyang naging ama ng na-
ngagsisitahan sa mga tolda, at
sila ay mga tagapag-alaga ng
mga hayop; at ang pangalan ng
kanyang kapatid na lalaki ay Ju-
bal, na siyang ama ng lahat ng
tumutugtog ng alpa at flauta.
46 At si Zilla, isinilang naman
niya si Tubal Cain, na isang
mamamanday ng lahat ng ka-
gamitang tanso at bakal. At ang
kapatid na babae ni Tubal Cain
ay tinawag na Naama.
47 At sinabi ni Lamec sa
kanyang mga asawa, kina Ada
at Zilla: Pakinggan ninyo ang
aking tinig, kayong mga asawa
ni Lamec, makinig sa aking sa-
laysay; sapagkat pumatay ako
ng isang tao sa aking ikasusu-
gat, at ng isang binata sa aking
ikasasakit.
48 Kung makapitong gaganti-
han si Cain, tunay na si Lamec
ay [a]makapitumpu at pito;
49 Sapagkat si Lamec sa [a]paki-
kipagtipan kay Satanas, alinsu-
nod sa pamamaraan ni Cain,
kung saan siya ay naging Pa-
nginoong Mahan, panginoon ng
malaking lihim na ibinigay kay
Cain ni Satanas; at si Irad, na
anak na lalaki ni Enoc, na nakaa-
alam ng kanilang lihim, ay nag-
simulang ipahayag ito sa mga
anak na lalaki ni Adan;
50 Dahil dito, si Lamec, sa ga-
lit, ay pinatay siya, hindi katu-
lad ni Cain, sa kanyang kapatid
na si Abel, upang makakuha ng
pakinabang kundi kanyang pi-
natay siya dahil sa sumpa.
51 Sapagkat, mula noong mga
araw ni Cain, ay mayroon nang
[a]lihim na pakikipagsabwatan,

42*a* IE May lalaking nagngangalang Enoc sa angkan ni Cain, at isang lunsod sa gayon ding pangalan sa kanyang mga tao. Huwag ipagkamali ang mga ito kay Enoc ng matwid na angkan ni Set at sa kanyang lunsod, Sion, na tinawag ding "Lunsod ni Enoc."

48*a* Gen. 4:24.
IE Nagyabang si Lamec na mas marami pang gagawin para sa kanya si Satanas kaysa sa ginawa niya para kay Cain. Ang mga dahilan para sa kanyang pag-aakalang ito ay ibinigay sa mga talata 49 at 50.

49*a* GBK Sumpa, Mga Sumpa.

51*a* GBK Lihim na Pagsasabwatan, Mga.

at ang kanilang mga gawain ay nasa dilim, at kanilang nakikilala ang bawat tao na kanyang kapatid.
52 Dahil dito isinumpa ng Panginoon si Lamec, at ang kanyang sambahayan, at silang lahat na nakipagtipan kay Satanas; sapagkat hindi nila sinunod ang mga kautusan ng Diyos, at ito ay hindi ikinalugod ng Diyos, at siya ay hindi naglingkod sa kanila, at ang kanilang mga gawain ay karumal-dumal, at nagsimulang lumaganap sa lahat ng [a]anak na lalaki ng tao. At ito ay nasa mga anak na lalaki ng tao.
53 At sa mga anak na babae ng tao ang mga bagay na ito ay hindi sinabi, sapagkat yaong si Lamec ay sinabi ang lihim sa kanyang mga asawa, at sila ay naghimagsik laban sa kanya, at ipinahayag ang mga bagay na ito sa paligid, at hindi mga naawa;
54 Dahil dito si Lamec ay kinamuhian, at pinalayas, at hindi na nakihalubilo sa mga anak na lalaki ng tao, na baka siya ay mamatay.
55 At sa gayon ang mga gawain ng [a]kadiliman ay nagsimulang mangibabaw sa lahat ng anak na lalaki ng tao.
56 At isinumpa ng Diyos ang lupa ng isang matinding sumpa, at nagalit sa masasama, sa lahat ng anak na lalaki ng tao na kanyang nilikha;
57 Sapagkat sila ay ayaw makinig sa kanyang tinig, ni maniwala sa kanyang [a]Bugtong na Anak, maging sa kanya na ipinahayag niya na paparito sa kalagitnaan ng panahon, na siyang inihanda bago pa ang pagkakatatag ng daigdig.
58 At sa gayon sinimulang ipangaral ang [a]Ebanghelyo, mula sa simula, na ipinahayag ng mga banal na [b]anghel na isinugo mula sa kinaroroonan ng Diyos, at sa pamamagitan ng kanyang sariling tinig, at sa pamamagitan ng [c]kaloob na Espiritu Santo.
59 At sa gayon pinagtibay kay Adan ang lahat ng bagay, sa pamamagitan ng isang banal na ordenansa, at ang Ebanghelyo ay ipinangaral, at isang utos ang ipinadala, na ito ay nararapat na manatili sa daigdig, hanggang sa wakas niyon; at gayon nga ito. Amen.

## KABANATA 6

*(Nobyembre–Disyembre 1830)*

*Ang mga binhi ni Adan ay nag-ingat ng isang aklat ng alaala—Ang kanyang mabubuting angkan ay nangaral ng pagsisisi—Ipinakita ng Diyos ang kanyang sarili kay Enoc—Ipinangaral ni Enoc ang ebanghelyo—Ang plano ng kaligtasan ay inihayag kay Adan—Siya ay tumanggap ng binyag at pagkasaserdote.*

At si [a]Adan ay nakinig sa tinig ng Diyos, at nanawagan sa

52*a* Moi. 8:14–15.
55*a* GBK Kadiliman, Espirituwal na; Masama, Kasamaan.
57*a* GBK Jesucristo.
58*a* GBK Ebanghelyo.
*b* Alma 12:28–30; Moro. 7:25, 29–31. GBK Anghel, Mga.
*c* GBK Kaloob na Espiritu Santo.
**6** 1*a* GBK Adan.

kanyang mga anak na lalaki na magsisi.

2 At nakilala ni Adan muli ang kanyang asawa, at siya ay nagsilang ng isang lalaki, at tinawag niya ang kanyang pangalan na [a]Set. At pinapurihan ni Adan ang pangalan ng Diyos; sapagkat kanyang sinabi: Ang Diyos ay nagtalaga sa akin ng isa pang anak, na kapalit ni Abel, na pinatay ni Cain.

3 At inihayag ng Diyos ang kanyang sarili kay Set, at siya ay hindi naghimagsik, kundi nag-alay ng isang karapat-dapat na [a]hain, tulad ng kanyang kapatid na si Abel. At sa kanya rin ay isinilang ang isang anak na lalaki, at kanyang tinawag ang kanyang pangalang Enos.

4 At doon nagsimulang [a]manawagan ang mga taong ito sa pangalan ng Panginoon, at pinagpala sila ng Panginoon;

5 At isang [a]aklat ng alaala ang iningatan, na natatala, sa wika ni Adan, sapagkat ito ay ibinigay sa kasindami ng nanawagan sa Diyos upang sumulat sa pamamagitan ng diwa ng [b]inspirasyon;

6 At sa pamamagitan nito ang kanilang mga anak ay tinuruang magbasa at magsulat, na nagtataglay ng isang wikang dalisay at malinis.

7 Ngayon, ang [a]Pagkasaserdote ring ito, na naroroon na sa simula pa ay siya ring naroroon sa wakas ng daigdig.

8 Ngayon, ang propesiyang ito ay sinabi ni Adan, habang siya ay pinakikilos ng [a]Espiritu Santo, at isang [b]talaangkanan ang iningatan ng mga [c]anak ng Diyos. At ito ang [d]aklat ng mga salinlahi ni Adan, nagsasabing: Sa araw na lalangin ng Diyos ang tao, sa wangis ng Diyos kanyang nilikha siya;

9 Sa [a]larawan ng kanyang sariling katawan, lalaki at babae, kanyang nilalang [b]sila, at pinagpala sila, at tinawag na Adan ang kanilang [c]pangalan, sa araw na sila ay lalangin at naging mga [d]kaluluwang may buhay sa lupa sa [e]tungtungan ng Diyos.

10 At nabuhay si [a]Adan nang isandaan at tatlumpung taon, at nagkaanak ng isang lalaki sa kanyang wangis, na ayon sa kanyang sariling [b]larawan, at tinawag ang kanyang pangalang Set.

11 At ang mga araw ni Adan, pagkatapos maisilang sa kanya si Set, ay walong daang taon, at nagkaroon siya ng maraming anak na lalaki at babae;

12 At ang lahat ng araw na nabuhay si Adan ay siyam na raan at tatlumpung taon, at siya ay namatay.

---

2*a* Gen. 4:25.
GBK Set.
3*a* GBK Hain.
4*a* Gen. 4:26.
GBK Panalangin.
5*a* Abr. 1:28, 31.
GBK Aklat ng Alaala.
*b* GBK Inspirasyon.
7*a* GBK Pagkasaserdote.
8*a* 2 Ped. 1:21.
*b* GBK Talaangkanan.
*c* GBK Anak na Lalaki at Babae ng Diyos, Mga.
*d* Gen. 5:1.
9*a* Gen. 1:26–28; Moi. 2:26–29; Abr. 4:26–31.
*b* GBK Tao, Mga Tao.
*c* Moi. 1:34; 4:26.
*d* GBK Kaluluwa.
*e* Abr. 2:7.
10*a* D at T 107:41–56.
*b* Gen. 5:3; D at T 107:42–43; 138:40.

13 Si Set ay nabuhay nang isandaan at limang taon, at isinilang si Enos, at nagpropesiya sa lahat ng kanyang mga araw, at tinuruan ang kanyang anak na si Enos sa mga landas ng Diyos; dahil dito nagpropesiya rin si Enos.
14 At nabuhay si Set, pagkatapos na maisilang sa kanya si Enos, ng walong daan at pitong taon, at nagkaroon ng maraming anak na lalaki at babae.
15 At ang mga anak ng tao ay napakarami sa balat ng lupa. At sa mga araw na yaon, si Satanas ay may malaking [a]kapangyarihan sa mga tao, at nagpaalab sa kanilang mga puso; at magmula noon ay nagkaroon ng mga digmaan at pagdanak ng dugo; at ang kamay ng isang tao ay laban sa kanyang sariling kapatid, sa pagpapataw ng kamatayan, dahil sa mga [b]lihim na gawain, na naghahangad ng kapangyarihan.
16 Ang lahat ng araw ni Set ay siyam na raan at labindalawang taon, at siya ay namatay.
17 At si Enos ay nabuhay ng siyamnapung taon, at isinilang si [a]Cainan. At si Enos at ang labi ng mga tao ng Diyos ay lumabas sa lupain, na tinawag na Shulon, at nanirahan sa isang lupang pangako, na kanyang tinawag alinsunod sa kanyang sariling anak na lalaki, na kanyang pinangalanang Cainan.
18 At nabuhay si Enos, pagkatapos maisilang sa kanya si Cainan, ng walong daan at labinlimang taon, at nagkaroon ng maraming anak na lalaki at babae. At ang lahat ng araw ni Enos ay siyam na raan at limang taon, at siya ay namatay.
19 At nabuhay si Cainan nang pitumpung taon, at isinilang si Mahalaleel; at nabuhay si Cainan pagkatapos maisilang sa kanya si Mahalaleel ng walong daan at apatnapung taon, at nagkaroon ng mga anak na lalaki at babae. At ang lahat ng araw ni Cainan ay siyam na raan at sampung taon, at siya ay namatay.
20 At nabuhay si Mahalaleel ng animnapu't limang taon, at isinilang si Jared; at nabuhay si Mahalaleel, pagkatapos maisilang sa kanya si Jared, ng walong daan at tatlumpung taon, at nagkaroon ng mga anak na lalaki at babae. At ang lahat ng araw ni Mahalaleel ay walong daan at siyamnapu't limang taon, at siya ay namatay.
21 At nabuhay si Jared ng isandaan at animnapu't dalawang taon, at isinilang [a]si Enoc; at nabuhay si Jared, pagkatapos na maisilang sa kanya si Enoc, ng walong daang taon, at nagkaroon ng mga anak na lalaki at babae. At tinuruan ni Jared si Enoc sa lahat ng landas ng Diyos.
22 At ito ang talaangkanan ng mga anak na lalaki ni Adan,

15*a* Moi. 5:13.
*b* GBK Lihim na Pagsasabwatan, Mga.
17*a* Gen. 5:10–14; D at T 107:45, 53.
21*a* Gen. 5:18–24; Moi. 7:69; 8:1–2. GBK Enoc.

na [a]anak na lalaki ng Diyos, kung kanino ang Diyos, nakipag-usap.

23 At sila ay mga [a]mangangaral ng kabutihan, at nangusap at [b]nagpropesiya, at nanawagan sa lahat ng tao, sa lahat ng dako, na [c]magsipagsisi; at ang [d]pananampalataya ay itinuro sa mga anak ng tao.

24 At ito ay nangyari na ang lahat ng araw ni Jared ay siyam na raan at animnapu't dalawang taon, at siya ay namatay.

25 At nabuhay si Enoc ng animnapu't limang taon, at isinilang sa kanya si [a]Matusalem.

26 At ito ay nangyari na si Enoc ay naglakbay sa lupain, sa mga tao; at habang siya ay naglalakbay, ang Espiritu ng Diyos ay bumaba mula sa langit, at nanahan sa kanya.

27 At siya ay nakarinig ng isang tinig mula sa langit, nagsasabing: Enoc, aking anak, magpropesiya sa mga taong ito, at sabihin sa kanila—Magsisi, sapagkat ganito ang wika ng Panginoon: Ako ay [a]nagagalit sa mga taong ito, at ang aking matinding galit ay nagsusumiklab laban sa kanila; sapagkat ang kanilang mga puso ay nagsitigas, at ang kanilang mga [b]tainga ay bahagya nang makarinig, at ang kanilang mga mata ay [c]hindi makakita sa malayo;

28 At sa maraming salinlahing ito, mula pa sa araw na aking nilalang sila, sila ay mga [a]naligaw, at itinatwa ako, at hinangad ang kanilang sariling mga payo sa dilim; at sa kanilang sariling mga karumal-dumal na gawain sila ay bumalangkas ng mga pagpaslang, at hindi sinunod ang mga kautusan, na aking ibinigay sa kanilang amang si Adan.

29 Dahil dito, isinumpa nila ang kanilang sarili, at, sa pamamagitan ng kanilang mga [a]sumpa, dinala nila ang kanilang sarili sa kamatayan; at isang [b]impiyerno ang aking inihanda para sa kanila, kung sila ay hindi magsisisi;

30 At ito ay isang kautusan, na ipinadala ko sa simula ng daigdig, mula sa aking sariling bibig, mula sa pagkakatatag niyon, at sa pamamagitan ng mga bibig ng aking mga tagapaglingkod, na iyong mga ama, ay akin nang iniutos ito, maging ganito ito ay ipadadala sa daigdig, hanggang sa mga hangganan niyon.

31 At nang marinig ni Enoc ang mga salitang ito, kanyang iniyukod ang sarili sa lupa, sa harapan ng Panginoon, at nangusap, sa harapan ng Panginoon, nagsasabing: Bakit ako naging kalugud-lugod sa inyong paningin, at ako ay isang bata lamang, at kinamumuhian ako

22*a* Lu. 3:38.
23*a* GBK Propeta.
*b* GBK Propesiya, Pagpopropesiya.
*c* GBK Magsisi, Pagsisisi.
*d* GBK Pananampalataya.
25*a* GBK Matusalem.
27*a* D at T 63:32.
*b* Mat. 13:15; 2 Ne. 9:31; Mos. 26:28; D at T 1:2, 11, 14.
*c* Alma 10:25; 14:6.
28*a* GBK Paghihimagsik.
29*a* GBK Sumpa, Mga Sumpa.
*b* GBK Impiyerno.

ng lahat ng tao; sapagkat [a]ma-
bagal ako sa pagsasalita; dahil
dito, ako ba ay inyong tagapag-
lingkod?
32 At sinabi ng Panginoon kay
Enoc: Humayo at gawin mo
gaya ng aking ipinag-utos sa
iyo, at walang taong manana-
kit sa iyo. Ibuka mo ang iyong
[a]bibig, at ito ay mapupuno, at
akin kitang bibigyan ng sasabi-
hin, sapagkat ang lahat ng la-
man ay nasa aking mga kamay,
at aking gagawin ang inaakala
kong makabubuti.
33 Sabihin sa mga taong ito:
[a]Piliin ninyo sa araw na ito, na
paglingkuran ang Panginoong
Diyos na lumikha sa inyo.
34 Masdan, ang aking Espiritu
ay nasa iyo, dahil dito ang lahat
ng iyong salita ay pangangatwi-
ranan ko; at ang mga [a]bundok
ay maglalaho sa harapan mo, at
ang mga [b]ilog ay liliko mula sa
pinag-aagusan nito; at ikaw ay
mananahan sa akin, at ako sa
iyo; kaya nga, [c]lumakad kang
kasama ko.
35 At ang Panginoon ay na-
ngusap kay Enoc at sinabi sa
kanya: Pahiran mo ang iyong
mga mata ng putik, at hugasan
ang mga ito, at ikaw ay maka-
kikita. At kanya ngang ginawa.
36 At kanyang namasdan ang
mga [a]espiritung nilalang ng
Diyos; at kanya ring namasdan
ang mga bagay na hindi naki-
kita nang [b]likas na mata; at mag-
mula noon ay lumaganap ang
kasabihan sa buong lupain: Nag-
bangon ang Panginoon ng isang
[c]tagakita sa kanyang mga tao.
37 At ito ay nangyari na si Enoc
ay humayo sa lupain, sa mga
tao, tumatayo sa mga burol at sa
matataas na lugar, at nangaral
sa malakas na tinig, nagpapa-
totoo laban sa kanilang mga
gawain; at ang lahat ng tao ay
[a]nasaktan dahil sa kanya.
38 At sila ay nagsihayo upang
makinig sa kanya, sa matataas
na lugar, nagsasabi sa mga taga-
pag-ingat ng mga tolda: Manati-
li kayo rito at ingatan ang mga
tolda, habang kami ay magtutu-
ngo sa dako roon upang mama-
las ang tagakita, sapagkat siya
ay nagpopropesiya, at may ka-
kaibang nangyayari sa lupain;
isang baliw na lalaki ang huma-
lubilo sa atin.
39 At ito ay nangyari na nang
kanilang marinig siya, walang
taong sumaling sa kanya; sapag-
kat nanaig ang takot sa lahat ng
nakarinig sa kanya; sapagkat
siya ay lumakad na kasama ang
Diyos.
40 At may lumapit na isang la-
laki sa kanya, na ang pangalan
ay Mahijah, at sinabi sa kanya:
Sabihin mo sa amin nang mali-
wanag kung sino ka, at kung
saan ka nanggaling?
41 At kanyang sinabi sa kani-

31*a* Ex. 4:10–16;
Jer. 1:6–9.
32*a* D at T 24:5–6; 60:2.
33*a* GBK Kalayaang
Mamili.
34*a* Mat. 17:20.
*b* Moi. 7:13.
*c* Gen. 5:24;
Moi. 7:69.
GBK Lumakad,
Lumakad na Kasama
ng Diyos.
36*a* GBK Espiritung
Paglikha.
*b* Moi. 1:11.
*c* GBK Tagakita.
37*a* 1 Ne. 16:1–3.

la: Ako ay nanggaling sa lupain ng Cainan, na lupain ng aking mga ama, isang lupain ng kabutihan hanggang sa araw na ito. At tinuruan ako ng aking ama sa lahat ng landas ng Diyos.
42 At ito ay nangyari na, na habang ako ay naglalakbay mula sa lupain ng Cainan, sa may silangang dagat, ako ay nakamalas ng isang pangitain; at dinggin, ang kalangitan ay nakita ko, at ang Panginoon ay nakipagusap sa akin, at binigyan ako ng kautusan; kaya, dahil dito, bilang pagsunod sa kautusan, aking sinasabi ang mga salitang ito.
43 At si Enoc ay nagpatuloy sa kanyang pagsasalita, nagsasabing: Ang Panginoon na siyang nakipag-usap sa akin, ay siya ring Diyos ng langit, at siya ang aking Diyos, at inyong Diyos, at kayo ay aking mga kapatid, at bakit kayo [a]nagpapayo sa inyong sarili, at itinatatwa ang Diyos ng langit?
44 Ang kalangitan ay nilikha niya; ang [a]mundo ay kanyang [b]tungtungan ng paa; at ang mga saligan niyon ay kanya. Masdan, kanyang inilatag ito, maraming tao ang kanyang dinala sa ibabaw niyon.
45 At ang kamatayan ay sumapit sa ating mga ama; gayon pa man kilala natin sila, at hindi maitatatwa, at maging ang una sa lahat ay ating kilala, maging si Adan.
46 Sapagkat isang aklat ng [a]alaala ang ating isinulat sa atin, alinsunod sa huwarang ibinigay ng daliri ng Diyos; at ito ay ibinigay sa ating sariling wika.
47 At habang si Enoc ay nangungusap ng mga salita ng Diyos, ang mga tao ay nanginig, at hindi sila nakatagal sa kanyang harapan.
48 At kanyang sinabi sa kanila: Sapagkat si Adan ay [a]nahulog, tayo ay nagkagayon; at dahil sa kanyang pagkahulog ay sumapit ang [b]kamatayan; at tayo ay naging kasalo ng kalungkutan at kapighatian.
49 Masdan si Satanas ay humalubilo sa mga anak ng tao, at [a]tinukso silang sambahin siya; at ang mga tao ay naging [b]makamundo, [c]mahalay, at maladiyablo, at [d]pinagsarhan mula sa kinaroroonan ng Diyos.
50 Subalit ipinaalam ng Diyos sa ating mga ama na ang lahat ng tao ay kinakailangang magsisi.
51 At tinawag niya ang ating amang si Adan sa pamamagitan ng kanyang sariling tinig, nagsasabing: Ako ang Diyos; ako ang lumikha ng daigdig, at ng mga [a]tao [b]bago pa sila napasalaman.

43*a* Kaw. 1:24–33; D at T 56:14–15.
44*a* Deut. 10:14.
*b* Abr. 2:7.
46*a* GBK Aklat ng Alaala.
48*a* 2 Ne. 2:25. GBK Pagkahulog nina Adan at Eva.
*b* GBK Kamatayan, Pisikal na.
49*a* Moi. 1:12. GBK Tukso, Panunukso.
*b* Mos. 16:3–4; Moi. 5:13. GBK Makamundo.
*c* GBK Mahalay, Kahalayan.
*d* GBK Kamatayan, Espirituwal na.
51*a* GBK Tao, Mga Tao—Tao, espiritung anak ng Ama sa Langit.
*b* GBK Espiritung Paglikha.

52 At kanya ring sinabi sa kanya: Kung ikaw ay babaling sa akin, at makikinig sa aking tinig, at maniniwala, at magsisisi sa lahat ng iyong paglabag, at [a]magpapabinyag, maging sa tubig, sa pangalan ng aking Bugtong na Anak, na puspos ng [b]biyaya at katotohanan, na si [c]Jesucristo, ang tanging [d]pangalang ibibigay sa silong ng langit, kung saan ang [e]kaligtasan ay sasapit sa mga anak ng tao, ikaw ay tatanggap ng kaloob na Espiritu Santo, hinihiling ang lahat ng bagay sa kanyang pangalan, at kung ano man ang iyong hihilingin, ito ay ibibigay sa iyo.

53 At ang ating amang si Adan ay nangusap sa Panginoon, at nagsabi: Bakit kinakailangang ang tao ay magsisisi at magpabinyag sa tubig? At sinabi ng Panginoon kay Adan: Masdan, [a]pinatawad kita sa iyong paglabag sa Halamanan ng Eden.

54 Dahil dito lumaganap ang kasabihan sa lahat ng dako, sa mga tao, na ang [a]Anak ng Diyos ang [b]nagbayad-sala sa kauna-unahang pagkakasala, kung saan ang mga kasalanan ng mga magulang ay hindi maaaring ipasagot sa mga ulo ng mga [c]anak, sapagkat sila ay buo mula pa sa pagkakatatag ng daigdig.

55 At ang Panginoon ay nangusap kay Adan, nagsasabing: Yamang ang iyong mga anak ay ipinaglihi sa kasalanan, maging kapag sila ay magsimula nang lumaki, ang [a]kasalanan ay nabubuo sa kanilang mga puso, at kanilang matitikman ang [b]pait, upang kanilang matutuhang pahalagahan ang mabuti.

56 At ibinigay sa kanila na malaman ang mabuti sa masama; anupa't sila ay [a]malayang makapipili sa kanilang sarili, at ako ay nagbigay sa iyo ng isa pang batas at kautusan.

57 Dahil dito, ituro ito sa iyong mga anak, na ang lahat ng tao, sa lahat ng dako, ay kinakailangang [a]magsisisi, o sila sa anumang paraan ay hindi makamamana ng kaharian ng Diyos, sapagkat walang [b]maruming bagay ang [c]makatatahan doon, o makatatahan sa kanyang kinaroroonan; sapagkat, sa wika ni Adan, [d]Tao ng Kabanalan ang kanyang pangalan, at ang pangalan ng kanyang Bugtong na Anak ay [e]Anak ng Tao, maging si Jesucristo, isang makatarungang [f]Hukom, na paparito sa kalagitnaan ng panahon.

52*a* 3 Ne. 11:23–26. GBK Pagbibinyag, Binyagan.
*b* GBK Biyaya.
*c* GBK Jesucristo.
*d* Gawa 4:12; 2 Ne. 31:21.
*e* GBK Kaligtasan.
53*a* GBK Magpatawad.
54*a* GBK Jesucristo.
*b* GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala.
*c* Mos. 3:16.
55*a* GBK Kasalanan.
*b* D at T 29:39. GBK Pagdurusa.
56*a* 2 Ne. 2:26–27; Hel. 14:29–30. GBK Kalayaang Mamili.
57*a* 1 Cor. 6:9–10. GBK Magsisi, Pagsisisi.
*b* 1 Ne. 10:21. GBK Malinis at Hindi Malinis.
*c* Awit 24:3–4; 1 Ne. 15:33–36; Morm. 7:7; D at T 76:50–62.
*d* Moi. 7:35. GBK Tao ng Kabanalan.
*e* GBK Anak ng Tao.
*f* GBK Jesucristo—Hukom; Katarungan.

58 Samakatwid, ako ay nagbi-
bigay sa iyo ng isang kautusan,
na malayang ituro ang mga ba-
gay na ito sa iyong mga [a]anak,
nagsasabing:
59 Dahil sa paglabag ay suma-
pit ang pagkahulog, kung aling
pagkahulog ay nagdala ng ka-
matayan, at yayamang kayo ay
isinilang sa daigdig sa pama-
magitan ng tubig, at dugo, at ng
[a]espiritu, na aking nilikha, at sa
gayon ang [b]alabok ay naging
isang kaluluwang may buhay,
gayon man kayo ay kinakaila-
ngang [c]isilang na muli sa kaha-
rian ng langit, sa [d]tubig, at sa
Espiritu, at malinisan sa pama-
magitan ng dugo, maging ng
dugo ng aking Bugtong na
Anak; upang kayo ay mapaba-
nal mula sa lahat ng kasalanan,
at [e]magtamasa ng mga [f]salita ng
buhay na walang hanggan sa
daigdig na ito, at buhay na wa-
lang hanggan sa daigdig na
darating, maging ang walang
kamatayang [g]kaluwalhatian;
60 Sapagkat sa pamamagitan
ng [a]tubig inyong sinusunod ang
kautusan; sa pamamagitan ng
Espiritu, kayo ay [b]binibigyang-
katwiran, at sa pamamagitan
ng [c]dugo kayo ay [d]pinababanal;
61 Anupa't ito ay ibinigay
upang manatili sa inyo; ang
patotoo ng langit; ang [a]Mang-
aaliw; ang mga mapagpaya-
pang bagay ng kawalang-
kamatayang kaluwalhatian; ang
katotohanan ng lahat ng bagay;
yaong nagpapasigla sa lahat ng
bagay, na nagbibigay-buhay sa
lahat ng bagay; na nakaaalam
ng lahat ng bagay, at nagtatag-
lay ng lahat ng kapangyarihan
alinsunod sa karunungan, awa,
katotohanan, katarungan, at ka-
hatulan.
62 At ngayon, masdan, sina-
sabi ko sa iyo: Ito ang [a]plano ng
kaligtasan sa lahat ng tao, sa
pamamagitan ng dugo ng aking
[b]Bugtong na Anak, na paparito
sa kalagitnaan ng panahon.
63 At masdan, ang lahat ng ba-
gay ay may kani-kanyang kaha-
lintulad, at ang lahat ng bagay
ay nilalang at nilikha upang
[a]magpatotoo sa akin, kapwa
mga bagay na temporal, at mga
bagay na espirituwal; mga ba-
gay na nasa langit sa itaas, at
mga bagay na nasa lupa, at mga
bagay na nasa loob ng lupa, at
mga bagay na nasa ilalim ng
lupa, kapwa sa itaas at sa ilalim:
lahat ng bagay ay nagpapatotoo
sa akin.
64 At ito ay nangyari na, nang
ang Panginoon ay nakipag-usap
kay Adan, na ating ama, na si
Adan ay nagsumamo sa Pa-
nginoon, at siya ay tinangay ng

58*a* GBK Bata, Mga Bata.
59*a* 1 Juan 5:8.
*b* Gen. 2:7; Moi. 4:25; Abr. 5:7.
*c* GBK Isilang na Muli, Isinilang sa Diyos.
*d* GBK Pagbibinyag, Binyagan.
*e* 2 Ne. 4:15–16; Alma 32:28.
*f* Juan 6:68.
*g* GBK Kaluwalhatiang Selestiyal.
60*a* Moro. 8:25.
*b* GBK Pagbibigay-katwiran, Pangatwiranan.
*c* GBK Dugo.
*d* GBK Pagpapabanal.
61*a* GBK Espiritu Santo.
62*a* GBK Plano ng Pagtubos.
*b* GBK Bugtong na Anak.
63*a* Alma 30:44; D at T 88:45–47.

[a]Espiritu ng Panginoon, at dina-
la sa tubig, at inilubog sa [b]tubig,
at iniahon mula sa tubig.
65 At sa gayon siya nabinya-
gan, at ang Espiritu ng Diyos ay
napasakanya, at sa gayon siya
[a]isinilang sa Espiritu, at nabu-
hay ang [b]panloob na pagkatao.
66 At siya ay nakarinig ng
isang tinig mula sa langit, nag-
sasabing: Ikaw ay [a]nabinyagan
ng apoy at ng Espiritu Santo.
Ito ang [b]patotoo ng Ama, at ng
Anak, magmula ngayon at mag-
pakailanman;
67 At ikaw ay alinsunod sa
[a]orden niya na walang simula ng
mga araw o wakas ng mga taon,
mula sa lahat ng kawalang-
hanggan hanggang sa lahat
ng kawalang-hanggan.
68 Masdan, ikaw ay [a]kaisa ko,
isang anak ng Diyos; at sa ga-
yon maaaring ang lahat ay ma-
ging aking mga [b]anak. Amen.

## KABANATA 7

*(Disyembre 1830)*

*Si Enoc ay nagturo, pinamunuan ang mga tao, tininag ang mga bundok—Ang lunsod ng Sion ay itinatag—Nakita ni Enoc ang pagparito ng Anak ng Tao, ang kanyang pagbabayad-sala, at ang pagkabuhay na mag-uli ng mga Banal—Kanyang nakita ang Pagpapanumbalik, ang Pagtitipon, ang Ikalawang Pagparito, at ang pagbabalik ng Sion.*

AT ito ay nangyari na nagpa-
tuloy si Enoc sa kanyang pag-
sasalita, nagsasabing: Masdan,
itinuro ng ating amang si
Adan ang mga bagay na ito, at
marami ang naniwala at na-
ging mga [a]anak ng Diyos, at
marami ang hindi naniwala, at
mga nasawi sa kanilang mga
kasalanan, at mga tumatanaw
nang may [b]takot, sa pagdurusa,
sa matinding galit ng kapootan
ng Diyos na mabubuhos sa
kanila.
2 At mula sa panahong yaon, si
Enoc ay nagsimulang magpro-
pesiya, nagsasabi sa mga tao,
na: Habang ako ay naglalakbay,
at nakatayo sa dako ng Mahu-
jah, at nagsusumamo sa Pa-
nginoon, ay may nangusap na
isang tinig mula sa langit, nag-
sasabing—Bumalik ka at mag-
tungo ka sa bundok ng Simeon.
3 At ito ay nangyari na ako ay
bumalik at umakyat sa bundok;
at habang ako ay nakatindig sa
bundok, aking namalas ang ka-
langitan na bumukas, at ako ay
nabalot ng [a]kaluwalhatian;
4 At aking nakita ang Pa-
nginoon; at siya ay nakatayo sa

64*a* GBK Espiritu Santo.
*b* GBK Pagbibinyag, Binyagan.
65*a* GBK Isilang na Muli, Isinilang sa Diyos.
*b* Mos. 27:25; Alma 5:12–15.
66*a* D at T 19:31. GBK Kaloob na Espiritu Santo.
*b* 2 Ne. 31:17–18; 3 Ne. 28:11.
67*a* GBK Pagkasaserdoteng Melquisedec.
68*a* 1 Juan 3:1–3; D at T 35:2.
*b* Juan 1:12; D at T 34:3. GBK Anak na Lalaki at Babae ng Diyos, Mga.
**7** 1*a* GBK Anak na Lalaki at Babae ng Diyos, Mga.
*b* Alma 40:11–14.
3*a* GBK Pagbabagong-anyo.

aking harapan, at siya ay naki-
pag-usap sa akin, maging gaya
ng pakikipag-usap ng tao sa
isa't isa, nang [a]harap-harapan;
at kanyang sinabi sa akin: [b]Tu-
mingin ka, at aking ipakikita sa
iyo ang daigdig sa loob ng ma-
raming salinlahi.
5 At ito ay nangyari na aking
namalas sa lambak ng Shum, at
masdan, maraming tao ang na-
ninirahan sa mga tolda, na mga
tao ng Shum.
6 At muling sinabi sa akin ng
Panginoon: Tumingin; at ako
ay tumingin sa dakong hilaga,
at aking namalas ang mga tao
ng Canaan, na naninirahan sa
mga tolda.
7 At sinabi ng Panginoon sa
akin: Magpropesiya; at ako
ay nagpropesiya, nagsasabing:
Masdan ang mga tao ng Cana-
an, na napakarami, ay hahayo
sa digmaan laban sa mga tao ng
Shum, at papatayin sila kung
kaya't sila ay ganap na malili-
pol; at ang mga tao ng Canaan
ay maghihiwa-hiwalay sa mga
pangkat sa lupain, at ang lupa-
in ay magiging tigang at hindi
magbubunga, at walang ibang
taong maninirahan doon mali-
ban sa mga tao ng Canaan;
8 Sapagkat masdan, susumpa-
in ng Panginoon ang lupain
nang matinding init, at ang pag-
katigang niyon ay magpapatu-
loy magpakailanman; at may
[a]kaitimang pumasalahat ng anak
ng Canaan, kung kaya't sila ay
kinamuhian sa lahat ng tao.
9 At ito ay nangyari na sinabi
sa akin ng Panginoon: Tumingin;
at ako ay tumingin, at aking na-
malas ang lupain ng Sharon, at
ang lupain ng Enoc, at ang lupa-
in ng Omner, at ang lupain ng
Heni, at ang lupain ng Sem, at
ang lupain ng Haner, at ang lu-
pain ng Hanannihah, at lahat ng
naninirahan doon;
10 At sinabi sa akin ng Pa-
nginoon: Humayo sa mga taong
ito, at sabihin sa kanila—[a]Mag-
sisi, na baka ako ay lumabas at
bagabagin sila ng isang sumpa,
at sila ay mamatay.
11 At binigyan niya ako ng
isang kautusan na ako ay nara-
rapat [a]magbinyag sa pangalan
ng Ama, at ng Anak, na puspos
ng [b]biyaya at katotohanan, at
ng [c]Espiritu Santo, na nagpapa-
totoo sa Ama at sa Anak.
12 At ito ay nangyari na si Enoc
ay nagpatuloy sa pananawagan
sa lahat ng tao, maliban sa mga
tao ng Canaan, na magsisi;
13 At napakalaki ng [a]pana-
nampalataya ni Enoc kung ka-
ya't pinamunuan niya ang mga
tao ng Diyos, at ang kanilang mga
kaaway ay sumalakay upang
makidigma laban sa kanila; at
kanyang sinabi ang salita ng
Panginoon, at ang lupa ay naya-
nig, at ang mga [b]bundok ay nati-
nag, maging alinsunod sa kan-
yang utos; at ang mga [c]ilog ng

4*a* Gen. 32:30; Deut. 5:4; Moi. 1:2, 11, 31.
*b* Moi. 1:4.
8*a* 2 Ne. 26:33.
10*a* Moi. 6:57. GBK Magsisi, Pagsisisi.
11*a* GBK Pagbibinyag, Binyagan.
*b* GBK Biyaya.
*c* GBK Espiritu Santo.
13*a* GBK Pananampalataya.
*b* Mat. 17:20.
*c* Moi. 6:34.

tubig ay lumiko mula sa kanilang pinag-aagusan; at ang atungal ng mga leon ay narinig mula sa ilang; at ang lahat ng bayan ay labis na natakot, [d]napakamakapangyarihan ng salita ni Enoc, at napakalakas ng kapangyarihan ng wikang ibinigay ng Diyos sa kanya.

14 Mayroon ding lumitaw na isang lupain mula sa ilalim ng dagat, at napakalaki ng takot ng mga kaaway ng mga tao ng Diyos, kung kaya't nagsitakas sila at tumayo sa malayo at nagtungo sa lupain na lumitaw mula sa ilalim ng dagat.

15 At ang mga [a]higante rin ng lupain ay tumayo sa malayo; at doon sumapit ang isang sumpa sa lahat ng taong lumalaban sa Diyos;

16 At magmula sa panahong yaon ay nagkaroon ng mga digmaan at pagdanak ng dugo sa kanila; subalit ang Panginoon ay dumating at nanirahang kasama ng kanyang mga tao, at sila ay namuhay sa kabutihan.

17 At ang [a]takot sa Panginoon ay napasalahat ng bayan, napakadakila ng kaluwalhatian ng Panginoon, na napasakanyang mga tao. At [b]pinagpala ng Panginoon ang lupain, at sila ay pinagpala sa ibabaw ng mga kabundukan, at sa ibabaw ng matataas na lugar, at nanagana.

18 At tinawag ng Panginoon ang kanyang mga tao na [a]Sion, sapagkat sila ay may isang puso at [b]isang isipan, at namuhay sa kabutihan; at walang maralita sa kanila.

19 At si Enoc ay nagpatuloy sa kanyang pangangaral sa kabutihan sa mga tao ng Diyos. At ito ay nangyari na sa kanyang mga araw, siya ay nagtayo ng isang lunsod na tinawag na Lunsod ng Kabanalan, maging ang Sion.

20 At ito ay nangyari na si Enoc ay nakipag-usap sa Panginoon; at kanyang sinabi sa Panginoon: Tiyak ang [a]Sion ay mamumuhay sa kaligtasan magpakailanman. Subalit sinabi ng Panginoon kay Enoc: Ang Sion ay pinagpala ko, subalit ang labi ng mga tao ay isinumpa ko.

21 At ito ay nangyari na ipinakita ng Panginoon kay Enoc ang lahat ng naninirahan sa mundo; at kanyang namasdan, at namalas, ang Sion, sa paglipas ng panahon, ay [a]dinala sa langit. At sinabi ng Panginoon kay Enoc: Masdan ang aking tahanan magpakailanman.

22 At namalas din ni Enoc ang labi ng mga tao na mga anak ni Adan; at silang lahat ay pinagsama-samang mga binhi ni Adan maliban sa mga binhi ni Cain, sapagkat ang mga binhi ni Cain ay [a]maiitim, at walang lugar sa kanila.

23 At pagkatapos na ang Sion ay dinala sa [a]langit, namasdan

13*d* gbk Kapangyarihan; Pagkasaserdote.
15*a* Gen. 6:4; Moi. 8:18.
17*a* Ex. 23:27.
*b* 1 Cron. 28:7–8; 1 Ne. 17:35.
18*a* gbk Sion.
*b* Gawa 4:32; Fil. 2:1–4. gbk Pagkakaisa.
20*a* Moi. 7:62–63. gbk Bagong Jerusalem.
21*a* Moi. 7:69.
22*a* 2 Ne. 26:33.
23*a* gbk Langit.

ni Enoc, at [b]namalas, ang [c]lahat ng bayan sa mundo ay nasa kanyang harapan;
24 At nagdaan ang bawat sali't salinlahi; at si Enoc ay marangal at [a]dinakila, maging sa sinapupunan ng Ama, at ng Anak ng Tao; at masdan, ang kapangyarihan ni Satanas ay nasa ibabaw ng buong mundo.
25 At siya ay nakakita ng mga anghel na bumababa mula sa langit; at kanyang narinig ang isang malakas na tinig na nagsasabing: Sa aba, sa aba sa mga naninirahan sa mundo.
26 At kanyang namasdan si Satanas; at siya ay may malaking [a]tanikala sa kanyang kamay, at tinalukbungan nito ang ibabaw ng buong mundo ng [b]kadiliman; at siya ay tumingala at tumawa, at ang kanyang mga [c]anghel ay nagsaya.
27 At namasdan ni Enoc ang mga [a]anghel na bumababa mula sa langit, [b]nagpapatotoo sa Ama at Anak; at ang Espiritu Santo ay tumahan sa marami, at sila ay natangay sa pamamagitan ng mga kapangyarihan ng langit sa Sion.
28 At ito ay nangyari na ang Diyos ng langit ay tumingin sa labi ng mga tao, at siya ay nanangis; at pinatotohanan ito ni Enoc, nagsasabing: Paanong ang kalangitan ay nananangis, at pumapatak ang kanilang mga luha gaya ng ulan sa ibabaw ng mga bundok?
29 At sinabi ni Enoc sa Panginoon: Paanong kayo ay [a]nananangis, nakikitang kayo ay banal, at mula sa lahat ng kawalang-hanggan hanggang sa lahat ng kawalang-hanggan?
30 At kung mabibilang ng tao ang maliliit na bahagi ng mundo, oo, milyun-milyong [a]mundo na tulad nito, ito ay hindi magiging simula sa bilang ng inyong mga [b]nilikha; at ang inyong mga tabing ay nakaladlad pa rin; at gayon pa man kayo ay naroon, at ang inyong sinapupunan ay naroon; at gayon din kayo ay makatarungan; kayo ay maawain at mabait magpakailanman;
31 At kinuha ninyo ang Sion sa inyong sariling sinapupunan, mula sa lahat ng inyong mga nilikha, mula sa lahat ng kawalang-hanggan hanggang sa lahat ng kawalang-hanggan; at wala maliban sa [a]kapayapaan, [b]katarungan, at [c]katotohanan ang tahanan ng inyong trono; at ang awa ay mababanaag sa inyong mukha at walang wakas; paanong kayo ay nananangis?
32 At sinabi ng Panginoon kay Enoc: Masdan ang iyong mga kapatid; sila ay gawa ng sarili kong mga [a]kamay, at ibinigay ko sa kanila ang kanilang [b]kaa-

23*b* GBK Pangitain.
*c* D at T 88:47; Moi. 1:27–29.
24*a* 2 Cor. 12:1–4.
26*a* Alma 12:10–11.
*b* Is. 60:1–2.
*c* Jud. 1:6; D at T 29:36–37.
27*a* GBK Anghel, Mga.
*b* GBK Patotoo.
29*a* Is. 63:7–10.
30*a* D at T 76:24; Moi. 1:33.
*b* GBK Likha, Paglikha.
31*a* GBK Kapayapaan.
*b* GBK Katarungan.
*c* GBK Katotohanan.
32*a* Moi. 1:4.
*b* GBK Kaalaman.

laman, sa araw na aking nilalang sila; at sa Halamanan ng Eden, ibinigay ko sa tao ang kanyang [c]kalayaang mamili;
33 At sa iyong mga kapatid aking sinabi, at nagbigay rin ng kautusan, na kanilang nararapat [a]mahalin ang isa't isa, at na kanilang nararapat piliin ako, na kanilang Ama; subalit masdan, sila ay walang pagmamahal, at kinapopootan nila ang kanilang sariling dugo;
34 At ang [a]apoy ng aking galit ay nagsusumiklab laban sa kanila; at sa init ng aking hinanakit ay magpapadala ako ng mga [b]baha sa kanila, sapagkat ang aking matinding galit ay nagsusumiklab laban sa kanila.
35 Masdan, ako ang Diyos; [a]Taong Banal ang aking pangalan; Taong Tagapayo ang aking pangalan; at Walang Wakas at Walang Hanggan ay akin ding [b]pangalan.
36 Kaya nga, maiuunat ko ang aking mga kamay at mahahawakan ang lahat ng nilalang na aking nilikha; at ang aking [a]mata ay maaari ring tumagos sa kanila, at sa lahat ng gawa ng aking mga kamay ay walang naging [b]kasingsama gaya sa iyong mga kapatid.
37 Subalit masdan, ang kanilang mga kasalanan ay mapapataw sa ulo ng kanilang mga ama; si Satanas ang kanilang magiging ama, at pagdurusa ang kanilang kahahantungan; at ang buong kalangitan ay mananangis dahil sa kanila, maging ang lahat ng gawa ng aking mga kamay; dahil dito, hindi ba nararapat lamang na manangis ang kalangitan, nakikitang sila ay magdurusa?
38 Subalit masdan, sila na nakikita ng iyong mga mata ay masasawi sa mga baha; at masdan, aking ikukulong sila; isang [a]bilangguan ang aking inihanda para sa kanila.
39 At [a]yaong aking napili ay nagmakaawa sa aking harapan. Anupa't siya ay magdurusa para sa kanilang mga kasalanan; yayamang sila ay magsisisi sa araw na ang aking [b]Pinili ay magbabalik sa akin, at hanggang sa dumating ang araw na yaon sila ay masasadlak sa [c]pagdurusa;
40 Kaya nga, dahil dito ang kalangitan ay mananangis, oo, at lahat ng gawa ng aking mga kamay.
41 At ito ay nangyari na ang Panginoon ay nangusap kay Enoc, at sinabi kay Enoc ang lahat ng ginagawa ng mga anak ng tao; kaya nga nalaman ni Enoc, at tiningnan ang kanilang kasamaan, at ang kanilang pagdurusa, at nanangis at iniunat ang kanyang mga bisig, at ang

32*c* GBK Kalayaang Mamili.
33*a* GBK Pagmamahal.
34*a* Is. 30:27; Nah. 1:6; D at T 35:14.
*b* Gen. 7:4, 10; Moi. 8:17, 24. GBK Baha sa Panahon ni Noe.
35*a* Moi. 6:57.
*b* Moi. 1:3.
36*a* D at T 38:2; 88:41; Moi. 1:35–37.
*b* Gen. 6:5–6; Moi. 8:22, 28–30.
38*a* 1 Ped. 3:18–20. GBK Impiyerno.
39*a* IE ang Tagapagligtas.
*b* Moi. 4:2; Abr. 3:27. GBK Jesucristo.
*c* GBK Kapahamakan.

kanyang [a]puso ay lumaki gaya ng kawalang-hanggan; at ang kanyang puso ay naawa; at ang buong kawalang-hanggan ay nayanig.
42 At nakita rin ni Enoc si [a]Noe, at ang kanyang [b]mag-anak; na ang mga angkan ng lahat ng anak na lalaki ni Noe ay maliligtas ng kaligtasang temporal;
43 Samakatwid nakita ni Enoc si Noe na gumawa ng isang [a]arka; at na ang Panginoon ay ngumiti rito, at hinawakan ito ng kanyang sariling kamay; subalit sa labi ng masasama, ang baha ay dumating at nilulon sila.
44 At habang nakikita ito ni Enoc, siya ay nakadama ng kapaitan ng kaluluwa, at tinangisan ang kanyang mga kapatid, at sinabi sa mga kalangitan: Ako ay [a]tatangging maaliw; subalit sinabi ng Panginoon kay Enoc: Pasiglahin ang iyong puso, at magalak; at tumingin.
45 At ito ay nangyari na tumingin si Enoc; at mula kay Noe, kanyang namasdan ang lahat ng mag-anak sa mundo; at siya ay nagsumamo sa Panginoon, nagsasabing: Kailan darating ang araw ng Panginoon? Kailan ibubuhos ang dugo ng Mabuti, upang lahat silang tumatangis ay [a]mapabanal at magkaroon ng buhay na walang hanggan?
46 At sinabi ng Panginoon: Ito ay mangyayari sa [a]kalagitnaan ng panahon, sa mga araw ng kasamaan at paghihiganti.
47 At masdan, nakita ni Enoc ang araw ng pagparito ng Anak ng Tao, maging sa laman; at ang kanyang kaluluwa ay nagsaya, nagsasabing: Ang Mabuti ay dinakila, at ang [a]Kordero ay pinatay mula sa pagkakatatag ng daigdig; at sa pamamagitan ng pananampalataya ako ay napasa sinapupunan ng Ama, at masdan, ang [b]Sion ay kasama ko.
48 At ito ay nangyari na tumingin si Enoc sa [a]mundo; at kanyang narinig ang isang tinig mula sa kaloob-looban niyon, nagsasabing: Sa aba, sa aba ko, ang ina ng mga tao; ako ay nasasaktan, ako ay napapagod, dahil sa kasamaan ng aking mga anak. Kailan ako [b]mapapahinga, at magiging malinis sa [c]karumihang sumibol sa akin? Kailan ako pababanalin ng aking Tagapaglikha, upang ako ay makapagpahinga, at ang kabutihan sa isang panahon ay tumahan sa aking mukha?
49 At nang marinig ni Enoc ang pagdadalamhati ng mundo, siya ay nanangis, at nagsumamo sa Panginoon, nagsasabing: O Panginoon, hindi ba kayo maaawa sa mundo? Hindi ba ninyo pagpapalain ang mga anak ni Noe?

41*a* Mos. 28:3.
GBK Pagkahabag.
42*a* GBK Noe, Patriyarka sa Biblia.
*b* Moi. 8:12.
43*a* Gen. 6:14–16; Eter 6:7.
44*a* Awit 77:2; Eter 15:3.
45*a* GBK Pagpapabanal.
46*a* Moi. 5:57.
47*a* GBK Kordero ng Diyos.
*b* Moi. 7:21.
48*a* GBK Mundo—Paglilinis ng mundo.
*b* Moi. 7:54, 58, 64.
*c* GBK Marumi, Karumihan.

50 At ito ay nangyari na si Enoc ay nagpatuloy sa kanyang pagsusumamo sa Panginoon, nagsasabing: Aking hinihiling sa inyo, O Panginoon, sa pangalan ng inyong Bugtong na Anak, maging si Jesucristo, na inyong kaawaan si Noe at ang kanyang mga binhi, upang ang mundo ay hindi na muling matabunan pa sa pamamagitan ng mga baha.

51 At ang Panginoon ay hindi makapagkait; at siya ay nakipagtipan kay Enoc, at nangako sa kanya lakip ang isang sumpa, na kanyang papawiin ang mga [a]baha; na kanyang tatawagin ang mga anak ni Noe;

52 At siya ay nagpadala ng isang hindi mababagong kautusan, na isang [a]labi ng kanyang mga binhi ay matatagpuan sa tuwina sa lahat ng bansa, habang ang mundo ay nakatindig;

53 At sinabi ng Panginoon: Pinagpala siya na kung kaninong binhi ang Mesiyas ay magmumula; sapagkat kanyang sinabi—Ako ang [a]Mesiyas, ang [b]Hari ng Sion, ang [c]Bato ng Langit, na kasinlawak ng kawalang-hanggan; sinuman ang papasok sa pasukan at [d]aakyat sa pamamagitan ko ay hindi kailanman babagsak; kaya nga, pinagpala sila na aking mga binanggit, sapagkat sila ay magsisiawit ng [e]awitin ng walang hanggang kagalakan.

54 At ito ay nangyari na si Enoc ay nagsumamo sa Panginoon, nagsasabing: Kapag ang Anak ng Tao ay pumarito sa laman, ang mundo ba ay mamamahinga? Aking isinasamo sa inyo, ipakita ninyo ang mga bagay na ito sa akin.

55 At sinabi ng Panginoon kay Enoc: Tingnan, at siya ay tumingin at namasdan ang [a]Anak ng Tao na itinaas sa [b]krus, alinsunod sa pamamaraan ng mga tao;

56 At siya ay nakarinig ng isang malakas na tinig; at ang kalangitan ay natalukbungan; at ang lahat ng nilikha ng Diyos ay nagdalamhati; at ang mundo ay [a]dumaing; at ang mga bato ay nabiyak; at ang mga banal ay [b]nagsibangon, at mga [c]pinutungan sa [d]kanang kamay ng Anak ng Tao, ng mga putong ng kaluwalhatian;

57 At kasindami ng mga [a]espiritung nasa [b]bilangguan ay nagsipagbangon, at tumayo sa kanang kamay ng Diyos; at ang mga natira ay inilaan sa mga pagkakagapos ng kadiliman hanggang sa paghuhukom ng dakilang araw.

58 At muli, si Enoc ay nanangis at nagsumamo sa Panginoon, nagsasabing: Kailan ba mamamahinga ang mundo?

51*a* Awit 104:6–9.
52*a* Moi. 8:2.
53*a* GBK Mesiyas.
*b* Mat. 2:2; 2 Ne. 10:14; Alma 5:50; D at T 128:22.
*c* Awit 71:3; 78:35; Hel. 5:12. GBK Bato.
*d* 2 Ne. 31:19–20.
*e* GBK Musika.
55*a* GBK Anak ng Tao.
*b* 3 Ne. 27:14. GBK Pagpapako sa Krus.
56*a* Mat. 27:45, 50–51.
*b* GBK Pagkabuhay na Mag-uli.
*c* GBK Putong; Kadakilaan.
*d* Mat. 25:34.
57*a* GBK Espiritu.
*b* D at T 76:71–74; 88:99.

59 At namasdan ni Enoc ang
Anak ng Tao na umaakyat sa
Ama; at siya ay nanawagan sa
Panginoon, nagsasabing: Hin-
di ba kayo muling paparito sa
mundo? Yayamang kayo ay
Diyos, at akin kayong nakikila-
la, at kayo ay nangako sa akin,
at inutusan ako na ako ay hu-
miling sa pangalan ng inyong
Bugtong na Anak; kayo ang lu-
mikha sa akin, at binigyan ako
ng karapatan sa inyong trono,
at hindi dahil sa aking sarili,
kundi sa pamamagitan ng in-
yong sariling biyaya; kaya nga,
ako ay nagtatanong sa inyo
kung hindi ba kayo paparitong
muli sa mundo.
60 At sinabi ng Panginoon kay
Enoc: Yayamang ako ay buhay,
gayon pa man ako ay paparito
sa [a]mga huling araw, sa mga
araw ng kasamaan at paghihi-
ganti, upang tuparin ang sum-
pang aking ginawa sa iyo hing-
gil sa mga anak ni Noe;
61 At darating ang araw na
ang mundo ay [a]mamamahinga,
subalit bago dumating ang araw
na yaon ang kalangitan ay [b]mag-
didilim, at isang [c]tabing ng ka-
diliman ay babalot sa mundo;
at ang kalangitan ay mayaya-
nig, at gayon din ang lupa; at
matinding paghihirap ang ma-
papasa mga anak ng tao, subalit
ang aking mga tao ay [d]panga-
ngalagaan ko;
62 At [a]kabutihan ang aking
ipadadala mula sa langit; at
[b]katotohanan ay aking ipadada-
la sa [c]lupa, upang [d]magpatotoo
sa aking Bugtong na Anak; ang
kanyang [e]pagkabuhay na mag-
uli mula sa mga patay; oo, at
ang pagkabuhay na mag-uli rin
ng lahat ng tao; at kabutihan at
katotohanan ay papapangyari-
hin kong umabot sa mundo
gaya ng isang baha, upang [f]ti-
punin ang aking mga hinirang
mula sa apat na sulok ng mun-
do, sa isang lugar na aking iha-
handa, isang Banal na Lunsod,
upang ang aking mga tao ay
makapagbigkis ng kanilang mga
balakang, at umasa sa araw ng
aking pagparito; sapagkat doon
ang aking magiging taberna-
kulo, at ito ay tatawaging Sion,
ang [g]Bagong Jerusalem.
63 At sinabi ng Panginoon kay
Enoc: Pagkatapos ikaw at ang
lahat ng iyong [a]lunsod ay sa-
salubong sa kanila roon, at ta-
tanggapin natin sila sa ating
sinapupunan, at makikita nila
tayo, at tayo ay yayapos sa ka-
nilang mga leeg at sila ay yaya-
pos sa ating mga leeg, at haha-
likan natin ang isa't isa;
64 At doon ang aking magi-
ging tahanan, at ito ay magiging

60*a* GBK Huling Araw, Mga.
61*a* GBK Mundo—Huling kalagayan ng mundo.
*b* D at T 38:11–12; 112:23.
*c* GBK Tabing.
*d* 1 Ne. 22:15–22; 2 Ne. 30:10.
62*a* Awit 85:11. GBK Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo.
*b* GBK Aklat ni Mormon.
*c* Is. 29:4.
*d* GBK Patotoo.
*e* GBK Pagkabuhay na Mag-uli.
*f* GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
*g* GBK Bagong Jerusalem.
63*a* Apoc. 21:9–11; D at T 45:11–12; Moi. 7:19–21.

Sion, na lalabas mula sa lahat ng aking mga nilalang na aking nilikha; at sa loob ng [a]isanlibong taon ang mundo ay [b]mamamahinga.
65 At ito ay nangyari na nakita ni Enoc ang araw ng [a]pagparito ng Anak ng Tao, sa mga huling araw, upang manahanan sa mundo sa kabutihan sa loob ng isanlibong taon;
66 Subalit bago ang araw na yaon kanyang nakita ang matinding paghihirap sa masasama; at kanya ring nakita ang dagat, na ito ay naligalig, at ang mga puso ng tao ay [a]manlulumo, naghihintay nang may takot para sa mga [b]kahatulan ng Pinakamakapangyarihang Diyos, na mapapasa masasama.
67 At ipinakita ng Panginoon kay Enoc ang lahat ng bagay, maging hanggang sa wakas ng daigdig; at kanyang nakita ang araw ng mabubuti, ang panahon ng kanilang pagkatubos, at pagtanggap ng ganap na [a]kagalakan;
68 At ang lahat ng araw ng [a]Sion, noong araw ni Enoc, ay tatlong daan at animnapu't limang taon.
69 At si Enoc at ang lahat ng kanyang mga tao ay [a]lumakad kasama ang Diyos, at siya ay nanirahan sa gitna ng Sion; at ito ay nangyari na ang Sion ay naglaho, sapagkat tinanggap ito ng Diyos sa kanyang sariling sinapupunan; at magmula noon, humayo ang kasabihang: ANG SION AY NAGLAHO.

## KABANATA 8

*(Pebrero 1831)*

*Si Matusalem ay nagpropesiya—Ipinangaral ni Noe at ng kanyang mga anak na lalaki ang ebanghelyo—Labis na kasamaan ang nanaig—Ang panawagang magsisi ay hindi binigyang-pansin—Ipinagutos ng Diyos ang pagkawasak ng lahat ng laman sa pamamagitan ng Baha.*

AT ang lahat ng araw ni Enoc ay apat na raan at tatlumpung taon.
2 At ito ay nangyari na si [a]Matusalem, na anak na lalaki ni Enoc, ay hindi kinuha, upang ang mga tipan ng Panginoon ay matupad, na kanyang ipinakipagtipan kay Enoc; sapagkat siya ay tunay na nakipagtipan kay Enoc na si Noe ay magmumula sa bunga ng kanyang balakang.
3 At ito ay nangyari na si Matusalem ay nagpropesiya na mula sa kanyang balakang ay magmumula ang lahat ng kaharian sa mundo (sa pamamagitan ni Noe), at nagmapuri siya sa kanyang sarili.
4 At dumating ang isang ma-

64*a* GBK Milenyo.
*b* Moi. 7:48.
65*a* Jud. 1:14. GBK Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
66*a* Is. 13:6–7.
*b* GBK Paghuhukom, Ang Huling.
67*a* GBK Kagalakan.
68*a* Gen. 5:23; Moi. 8:1.
69*a* Gen. 5:24; Moi. 6:34. GBK Lumakad, Lumakad na Kasama ng Diyos.
**8** 2*a* GBK Matusalem.

tinding taggutom sa lupain, at
isinumpa ng Panginoon ang
lupa sa isang matinding sumpa,
at marami sa naninirahan doon
ang namatay.
5 At ito ay nangyari na si Ma-
tusalem ay nabuhay ng isanda-
an at walumpu't pitong taon, at
isinilang si Lamec;
6 At si Matusalem ay nabuhay,
pagkatapos na maisilang sa kan-
ya si Lamec, ng pitong daan at
walumpu't dalawang taon, at
nagkaroon ng mga anak na la-
laki at babae;
7 At ang lahat ng araw ni Ma-
tusalem ay siyam na raan at
animnapu't siyam na taon, at
siya ay namatay.
8 At si Lamec ay nabuhay
ng isandaan at walumpu't da-
lawang taon, at nagkaanak ng
isang lalaki,
9 At tinawag niyang [a]Noe ang
kanyang pangalan, nagsasa-
bing: Ang anak na ito ang aaliw
sa atin hinggil sa ating gawa at
pinagpagalan ng ating mga ka-
may, dahil sa lupang [b]isinum-
pa ng Panginoon.
10 At si Lamec ay nabuhay,
pagkatapos maisilang sa kanya
si Noe, ng limang daan at si-
yamnapu't limang taon, at nag-
karoon ng mga anak na lalaki
at babae;
11 At ang lahat ng araw ni La-
mec ay pitong daan at pitum-
pu't pitong taon, at siya ay na-
matay.
12 At si Noe ay apat na raan
at limampung taong gulang, at
[a]isinilang si Japhet; at makalipas
ang apatnapu't dalawang taon
ay isinilang sa kanya si [b]Sem ng
ina ni Japhet, at nang siya ay li-
mandaang taong gulang na ay
isinilang sa kanya si [c]Ham.
13 At si [a]Noe at ang kanyang
mga anak na lalaki ay [b]nakinig
sa Panginoon, at sumunod, at
sila ay tinawag na mga [c]anak
na lalaki ng Diyos.
14 At nang ang mga taong ito
ay magsimulang dumami sa ba-
lat ng lupa, at sila ay nagkaro-
on ng mga anak na babae, naki-
ta ng mga [a]anak na lalaki ng tao
na yaong mga anak na babae ay
kaaya-aya, at sila ay kinuha ni-
lang mga asawa, maging sinu-
man ang kanilang mapili.
15 At sinabi ng Panginoon kay
Noe: Ang mga anak na babae
ng iyong mga anak na lalaki ay
[a]ipinagbili ang kanilang sarili;
sapagkat masdan, ang aking
galit ay nagsusumiklab laban
sa mga anak na lalaki ng tao, sa-
pagkat ayaw nilang makinig sa
aking tinig.
16 At ito ay nangyari na si Noe
ay nagpropesiya, at itinuro ang
mga bagay ng Diyos, maging
gaya noong simula.
17 At sinabi ng Panginoon kay
Noe: Ang aking Espiritu ay

9*a* GBK Noe, Patriyarka sa Biblia.
*b* Moi. 4:23.
12*a* Gen. 5:32. GBK Japhet.
*b* GBK Sem.
*c* GBK Ham.
13*a* D at T 138:41. GBK Gabriel.
*b* GBK Pagsunod, Masunurin, Sumunod.
*c* GBK Anak na Lalaki at Babae ng Diyos, Mga.
14*a* Moi. 5:52.
15*a* GBK Kasal, Pagpapakasal—Pagpapakasal sa hindi kasampalataya.

hindi tuwinang [a]mananahan sa tao, sapagkat kanyang malalaman na ang lahat ng [b]laman ay mamamatay; gayon man, ang kanyang mga araw ay magiging isandaan at dalawampung taon; at kung ang tao ay hindi magsisisi, ako ay magpapadala ng mga [c]baha sa kanila.

18 At sa mga araw na yaon ay may mga [a]higante sa mundo, at kanilang hinanap si Noe upang kitlan ng kanyang buhay; subalit ang Panginoon ay kasama ni Noe, at ang [b]kapangyarihan ng Panginoon ay nasa kanya.

19 At [a]inordenan ng Panginoon si [b]Noe alinsunod sa kanyang sariling [c]orden, at inutusan siyang humayo at [d]ipahayag ang kanyang Ebanghelyo sa mga anak ng tao, maging gaya ng pagkakabigay kay Enoc.

20 At ito ay nangyari na si Noe ay nanawagan sa mga anak ng tao na sila ay nararapat [a]magsisi; subalit sila ay hindi nakinig sa kanyang mga salita;

21 At gayon din, pagkatapos na kanilang marinig siya, sila ay lumapit sa kanya, nagsasabing: Masdan, kami ay mga anak na lalaki ng Diyos; hindi ba't kinuha namin sa aming sarili ang mga anak na babae ng tao? At hindi ba kami [a]nagsisikain, at nagsisiinuman, at nangag-aasawa at pinapag-asawa? At ang aming mga asawa ay nagsilang sa amin ng mga anak at sila rin ay malalakas na tao, na tulad ng mga tao noong sinauna, mga taong tanyag. At sila ay hindi nakinig sa mga salita ni Noe.

22 At nakita ng Diyos na ang [a]kasamaan ng mga tao ay naging labis na sa mundo; at ang bawat tao ay naiangat sa guniguni ng mga [b]saloobin ng kanyang puso, na nagpatuloy lamang sa kasamaan.

23 At ito ay nangyari na si Noe ay nagpatuloy sa kanyang [a]pangangaral sa mga tao, nagsasabing: Makinig, at bigyang-pansin ang aking mga salita;

24 [a]Maniwala at magsisi ng inyong mga kasalanan at [b]magpabinyag sa pangalan ni Jesucristo, ang Anak ng Diyos, maging gaya ng ating mga ama, at kayo ay makatatanggap ng Espiritu Santo, upang magawang [c]ipaalam sa inyo ang lahat ng bagay; at kung hindi ninyo gagawin ito, ang mga baha ay tatabon sa inyo; gayon pa man, sila ay hindi nakinig.

25 At ito ay pinanghinayangan

17*a* Gen. 6:3; 2 Ne. 26:11; Eter 2:15; D at T 1:33.
*b* 2 Ne. 9:4. GBK Laman.
*c* Gen. 7:4, 10; Moi. 7:34.
18*a* Gen. 6:4; Blg. 13:33; Jos. 17:15.
*b* GBK Kapangyarihan.
19*a* D at T 107:52. GBK Ordenan, Pag-oorden.
*b* Abr. 1:19.
*c* GBK Pagkasaserdoteng Melquisedec.
*d* GBK Gawaing Pangmisyonero.
20*a* GBK Magsisi, Pagsisisi.
21*a* Mat. 24:38–39; JS—M 1:41.
22*a* Gen. 6:5; Moi. 7:36–37.
*b* Mos. 4:30; Alma 12:14. GBK Pag-iisip, Mga.
23*a* GBK Mangaral.
24*a* GBK Paniniwala, Maniwala.
*b* GBK Pagbibinyag, Binyagan—Mga hinihingi para sa pagbibinyag.
*c* 2 Ne. 32:2–5.

ni Noe, at ang kanyang puso ay nasaktan na ang Panginoon ay lumikha ng tao sa mundo, at ito ay nagpadalamhati sa kanyang puso.

26 At sinabi ng Panginoon: [a]Lilipulin ko ang tao na aking nilalang, mula sa balat ng lupa, kapwa tao at hayop, at ang mga gumagapang na bagay, at ang mga ibon sa himpapawid; sapagkat nanghinayang si Noe na aking nilalang sila, at na aking nilikha sila; at siya ay nanawagan sa akin; sapagkat hinangad nilang kitlin ang kanyang buhay.

27 At sa gayon, si Noe ay nakatagpo ng [a]biyaya sa paningin ng Panginoon; sapagkat si Noe ay isang matwid na tao, at [b]ganap noong kapanahunan niya; at [c]lumakad siyang kasama ng Diyos, gaya rin ng kanyang tatlong anak na lalaki, sina Sem, Ham, at Japhet.

28 Ang mundo ay [a]tiwali sa harapan ng Diyos, at ito ay puno ng karahasan.

29 At ang Diyos ay tumingin sa mundo, at, masdan, ito ay tiwali, sapagkat ang lahat ng laman ay katiwalian ang tinahak sa lupa.

30 At sinabi ng Diyos kay Noe: Ang katapusan ng lahat ng laman ay sumapit sa harapan ko, sapagkat ang mundo ay puno ng karahasan, at masdan, aking [a]lilipulin ang lahat ng laman sa mundo.

26*a* GBK Mundo—Paglilinis ng mundo.
27*a* GBK Biyaya.
*b* Gen. 6:9.
*c* GBK Lumakad, Lumakad na Kasama ng Diyos.
28*a* Gen. 6:11–13.
30*a* D at T 56:3.

# ISANG PAKSIMILE MULA SA AKLAT NI ABRAHAM

Bilang 1




## PALIWANAG

Larawan 1. Ang Anghel ng Panginoon.

Larawan 2. Si Abraham na nakatali sa ibabaw ng dambana.

Larawan 3. Ang mapagsamba sa diyus-diyosang saserdote ni Elkenah ay nagtangkang ialay si Abraham bilang isang hain.

Larawan 4. Ang dambana para sa paghahain ng mga mapagsamba sa diyus-diyosang saserdote, na nakatayo sa harapan ng mga diyos na sina Elkenah, Libnah, Mahmackrah, Korash, at ni Faraon.

Larawan 5. Ang diyus-diyosan ni Elkenah.

Larawan 6. Ang diyus-diyosan ni Libnah.

Larawan 7. Ang diyus-diyosan ni Mahmackrah.

Larawan 8. Ang diyus-diyosan ni Korash.

Larawan 9. Ang diyus-diyosan ni Faraon.

Larawan 10. Si Abraham sa Egipto.

Larawan 11. Iginuhit upang mailarawan ang mga haligi ng langit, gaya sa pagkakaunawa ng mga taga-Egipto.

Larawan 12. Raukeeyang, pinapakahulugan ang kalawakan, o ang papawirin sa ating ulunan; subalit sa pagkakataong ito, kaugnay ng paksang ito, ang mga taga-Egipto ay sinadya itong ipakahulugang si Shaumau, na mataas, o ang kalangitan, tumutugon sa salitang Hebreo, Shaumahyeem.

# Ang Aklat ni Abraham

ISINALIN MULA SA PAPYRUS, NI JOSEPH SMITH

*Isang pagsasalin ng ilang sinaunang Talaan, na napasaaming mga kamay mula sa mga katakumba ng Egipto—Ang mga isinulat ni Abraham habang siya ay nasa Egipto, tinawag na Aklat ni Abraham, isinulat ng kanyang sariling kamay, sa papyrus.* (History of the Church, *2:235–236, 348–351.)*

## KABANATA 1

*Hinangad ni Abraham ang mga pagpapala ng orden ng patriyarka—Siya ay inusig ng mga huwad na saserdote sa Caldeo—Si Jehova ang nagligtas sa kanya—Mga pinagmulan at pamahalaan ng Egipto ay ginunita.*

SA lupain ng mga [a]taga-Caldeo, sa tirahan ng aking mga ama, ako, si [b]Abraham, ay napagtantong kinakailangan para sa akin na makakuha ng ibang lugar na [c]matitirahan;

2 At, nalalamang may higit na [a]kaligayahan at kapayapaan at [b]katiwasayan para sa akin, aking hinangad ang mga pagpapala ng mga ama, at ang karapatan kung saan ako ay nararapat maordenan upang pangasiwaan ang gayon din; na ako ay naging isang tagasunod ng [c]kabutihan, naghahangad din na maging isang tao na nagtataglay ng maraming [d]kaalaman, at maging isang higit na dakilang tagasunod ng kabutihan, at magtaglay ng higit na kaalaman, at maging isang ama ng maraming bansa, isang prinsipe ng kapayapaan, at naghahangad na makatanggap ng mga tagubilin, at masunod ang mga kautusan ng Diyos, ako ay naging karapat-dapat na tagapagmana, isang [e]Mataas na Saserdote, humahawak ng [f]karapatan na pag-aari ng mga ama.

3 Ito ay [a]iginawad sa akin mula sa mga ama; ito ay ipinasa-pasa mula sa mga ama, mula sa simula ng panahon, oo, maging mula sa simula, o bago pa ang pagkakatatag ng mundo, hanggang sa kasalukuyang panahon, maging ang karapatan ng [b]panganay, o ng unang tao, na si [c]Adan, o unang ama, sa pamamagitan ng mga ama patungo sa akin.

4 Hinangad ko ang aking [a]pagkahirang sa Pagkasaserdote alinsunod sa pagkahirang ng Diyos sa mga ama hinggil sa mga binhi.

5 Ang aking mga [a]ama, na tu-

**1** 1*a* GBK Ur.
*b* GBK Abraham.
*c* Gawa 7:2–4.
2*a* GBK Kagalakan.
*b* GBK Kapahingahan.
*c* GBK Matwid, Katwiran.
*d* D at T 42:61. GBK Kaalaman.
*e* GBK Mataas na Saserdote.
*f* GBK Pagkasaserdoteng Melquisedec.
3*a* D at T 84:14.
*b* D at T 68:17. GBK Panganay.
*c* Moi. 1:34. GBK Adan.
4*a* GBK Pagkapanganay.
5*a* Gen. 12:1.

malikod sa kanilang kabutihan, at sa mga banal na kautusang ibinigay ng Panginoon nilang Diyos sa kanila, tungo sa [b]pagsamba sa mga diyos ng pagano, ay lubusang tumangging makinig sa aking tinig;

6 Sapagkat ang kanilang mga puso ay nakahandang gumawa ng masama, at mga lubusang bumaling sa [a]diyos ni Elkenah, at sa diyos ni Libnah, at sa diyos ni Mahmackrah, at sa diyos ni Korash, at sa diyos ni Faraon, na hari ng Egipto;

7 Anupa't ibinaling nila ang kanilang mga puso sa paghahain ng mga pagano sa pag-aalay ng kanilang mga anak sa mga piping diyus-diyusang ito, at hindi nakinig sa aking tinig, sa halip ay nagsumikap na kitlin ang aking buhay sa pamamagitan ng kamay ng saserdote ni Elkenah. Ang saserdote ni Elkenah ay siya ring saserdote ni Faraon.

8 Ngayon, sa panahong ito ay nakaugalian ng saserdote ni Faraon, na hari ng Egipto, na mag-alay sa ibabaw ng dambanang itinayo sa lupain ng Caldeo, para sa pag-aalay sa mga kakatwang diyos na ito, ng mga lalaki, babae, at bata.

9 At ito ay nangyari na ang saserdote ay gumawa ng pag-aalay sa diyos ni Faraon, at gayon din sa diyos ni Shagreil, maging alinsunod sa pamamaraan ng mga taga-Egipto. Ngayon, ang diyos ni Shagreil ang araw.

10 Maging ang alay ng pasasalamat ng isang bata ay ginawang ialay ng saserdote ni Faraon sa ibabaw ng dambana na nakatayo sa burol na tinatawag na Burol ni Potiphar, sa ulunan ng kapatagan ng Olishem.

11 Ngayon, ang saserdoteng ito ay nag-alay sa ibabaw ng dambanang ito ng tatlong dalaga sa isang pagkakataon, na mga anak na babae ni Onitah, isa sa mga maharlikang angkan na tuwirang galing sa balakang ni [a]Ham. Ang mga dalagang ito ay inialay dahil sa kanilang kalinisan; ayaw nilang [b]yumukod upang sambahin ang mga diyos na kahoy o ng bato, kaya nga, sila ay pinatay sa ibabaw ng dambanang ito, at ito ay ginawa alinsunod sa pamamaraan ng mga taga-Egipto.

12 At ito ay nangyari na ang mga saserdote ay marahas na sinunggaban ako, upang kanila ring mapatay ako, gaya ng kanilang ginawa sa mga dalagang yaon sa ibabaw ng dambanang ito; at upang kayo ay magkaroon ng kaalaman tungkol sa dambanang ito, akin kayong isasangguni sa mga paglalarawan sa simula ng talaang ito.

13 Ito ay ginawa alinsunod sa hugis ng isang higaan, gaya ng mga nasa mga taga-Caldeo, at ito ay nakatayo sa harapan ng mga diyos nina Elkenah, Libnah, Mahmackrah, Korash, at isa ring diyos na tulad nang

5*b* GBK Pagsamba sa Diyus-diyusan.
6*a* IE mga huwad na diyos, gaya ng inilarawan sa Paksimile Blg. 1 ng Aklat ni Abraham.
11*a* GBK Ham.
*b* Dan. 3:13–18.

yaong kay Faraon, na hari ng
Egipto.
14 Upang kayo ay magkaroon
ng kaalaman tungkol sa mga
diyos na ito, binigyan ko kayo
ng anyo ng mga ito sa mga gu-
hit sa simula, kung aling uri ng
mga pagkakaguhit ay tinawag
ng mga taga-Caldeo na Rahlee-
nos, na nangangahulugang hi-
roglipiko.
15 At nang kanilang sungga-
ban ako ng kanilang mga ka-
may, upang kanilang maihan-
dog ako at kitlin ang aking bu-
hay, masdan, ipinaabot ko ang
aking tinig sa Panginoon kong
Diyos, at narinig ng Panginoon
at [a]pinakinggan, at kanyang
pinuspos ako ng pangitain ng
Pinakamakapangyarihan, at
ang anghel sa kanyang kinaro-
roonan ay tumayo sa aking
tabi, at kaagad na [b]kinalag ang
aking mga gapos;
16 At ang kanyang tinig ay
aking narinig: Abraham, Abra-
ham, masdan, ang aking [a]pa-
ngalan ay Jehova, at narinig
kita, at bumaba upang iligtas ka,
at upang ilayo ka sa bahay ng
iyong ama, at sa lahat ng iyong
kaanak, sa isang di kilalang
[b]lupain na hindi mo nalalaman;
17 At ito ay dahil sa inilayo
nila ang kanilang mga puso sa
akin, upang sambahin ang diyos
ni Elkenah, at ang diyos ni Lib-
nah, at ang diyos ni Mahmack-
rah, at ang diyos ni Korash, at
ang diyos ni Faraon, na hari ng
Egipto; kaya nga, ako ay buma-
ba upang dalawin sila, at upang
wasakin siya na nagbuhat ng
kanyang kamay laban sa iyo,
Abraham, aking anak, upang
kitlin ang iyong buhay.
18 Masdan, akin kitang aaka-
yin ng aking kamay, at akin ki-
tang ipagsasama, upang ibigay
sa iyo ang aking pangalan, ma-
ging ang [a]Pagkasaserdote ng
iyong ama, at ang aking kapang-
yarihan ay mapapasaiyo.
19 At gaya ng nangyari kay
Noe ay gayon din ang mangya-
yari sa iyo; subalit sa pamama-
gitan ng iyong pangangaral, ang
aking [a]pangalan ay makikilala
sa mundo magpakailanman, sa-
pagkat ako ang iyong Diyos.
20 Masdan, ang Burol ni Poti-
phar ay nasa lupain ng [a]Ur, ng
Caldeo. At winasak ng Pangino-
on ang dambana ni Elkenah, at
ng mga diyos ng lupain, at lu-
busang winasak ang mga ito,
at pinarusahan ang saserdote
kung kaya't siya ay namatay; at
nagkaroon ng labis na pagdada-
lamhati sa Caldeo, at gayon din
sa hukuman ni Faraon; kung
aling Faraon ay nangangahulu-
gang hari sa pamamagitan ng
dugong maharlika.
21 Ngayon, itong hari ng Egip-
to ay isang inapo mula sa bala-
kang ni [a]Ham, at naging kasalo
ng dugo ng mga [b]Cananita sa
pamamagitan ng pagsilang.

15*a* Mos. 9:17–18.
*b* Abr. 2:13.
16*a* GBK Jehova.
*b* GBK Lupang Pangako.
18*a* GBK Pagkasaserdote.
19*a* Gen. 12:1–3.
20*a* Gen. 11:28; Abr. 2:4.
21*a* Gen. 10:6; Awit 78:51; Moi. 8:12.
*b* Moi. 7:6–8. GBK Canaan, Canaanita.

22 Mula sa angkang ito ang la-
hat ng taga-Egipto, at sa gayon,
ang dugo ng mga Cananita ay
napanatili sa lupain.
23 Ang lupain ng [a]Egipto na
unang natuklasan ng isang ba-
bae, na anak na babae ni Ham,
at anak na babae ni Egiptus, na
sa mga Caldeo ay nangangahu-
lugang Egipto, na ang kahulu-
gan ay yaong ipinagbabawal;
24 Nang matuklasan ng baba-
ing ito ang lupain, ito ay nasa
ilalim ng tubig, na pagkatapos
ay dito itinira ang kanyang mga
anak na lalaki; at sa gayon, mula
kay Ham, ay nagmula ang ang-
kan na nagpanatili ng sumpa
sa lupain.
25 Ngayon, ang unang pama-
halaan ng Egipto ay itinatag ni
Faraon, ang panganay na anak
na lalaki ni Egiptus, na anak na
babae ni Ham, at ito ay alinsu-
nod sa pamamaraan ng pama-
halaan ni Ham, na patriyarka.
26 Si Faraon, na isang mabu-
ting tao, ay itinatag ang kan-
yang kaharian at hinatulan ang
kanyang mga tao nang buong
talino at buong katarungan sa
lahat ng kanyang mga araw, la-
bis na naghahangad na matula-
ran yaong orden na naitatag ng
mga ama sa mga naunang sa-
linlahi, sa mga araw ng unang
patriyarka na pamamahala, ma-
ging sa pamamahala ni Adan, at
gayon din ni Noe, na kanyang
ama, na [a]nagbasbas sa kanya ng
mga pagpapala ng lupa, at ng
mga pagpapala ng karunungan,
subalit isinumpa siya nang na-
uukol sa Pagkasaserdote.
27 Ngayon, si Faraon na nabi-
bilang sa lahing yaon na kung
saan siya ay hindi maaaring
magkaroon ng karapatan sa
[a]Pagkasaserdote, sa kabila ng
pag-angkin ng mga Faraon dito
na mula kay Noe, sa pamama-
gitan ni Ham, samakatwid, ang
aking ama ay naakay nila pala-
yo ng kanilang pagsamba sa
mga diyus-diyusan;
28 Subalit ako ay magsisikap,
mula ngayon, na maisalaysay
ang pagkakasunud-sunod mag-
mula sa aking sarili hanggang sa
simula ng paglikha, sapagkat
ang mga [a]talaan ay napasaaking
mga kamay, na aking iniingatan
hanggang sa kasalukuyang pa-
nahong ito.
29 Ngayon, matapos na ang
saserdote ni Elkenah ay naparu-
sahan kung kaya't siya ay na-
matay, nagkaroon ng katupa-
ran ang mga bagay na yaon na
sinabi sa akin hinggil sa lupain
ng Caldeo, na magkakaroon ng
isang taggutom sa lupain.
30 Kung kaya isang taggutom
ang namayani sa lahat ng dako
sa buong lupain ng Caldeo, at
ang aking ama ay labis na nag-
dusa dahil sa taggutom, at pi-
nagsisihan niya ang kasamaang
kanyang itinakda laban sa akin,
ang kitlin ang aking [a]buhay.
31 Subalit ang mga talaan ng
mga ama, maging ng mga pa-

23*a* GBK Egipto.
26*a* GBK Pagpapala, Pagpapalain, Pinagpala.
27*a* D at T OP—2. GBK Pagkasaserdote.
28*a* Moi. 6:5. GBK Aklat ng Alaala.
30*a* Abr. 1:7.

triyarka, hinggil sa karapatan
sa Pagkasaserdote, ay iningatan
ng Panginoon kong Diyos sa
aking sariling mga kamay;
kaya nga, isang kaalaman sa
simula ng paglikha, at gayon
din ng mga [a]planeta, at ng mga
bituin, gaya ng ipinaalam sa
mga ama, ay iniingatan ko ma-
ging hanggang sa panahong
ito, at sisikapin kong maisulat
ang ilan sa bagay na ito sa tala-
ang ito, para sa kapakinaba-
ngan ng aking mga angkan na
susunod sa akin.

## KABANATA 2

*Nilisan ni Abraham ang Ur upang magtungo sa Canaan—Si Jehova ay nagpakita sa kanya sa Haran—Lahat ng pagpapala ng ebanghelyo ay ipinangako sa kanyang mga binhi, at magmula sa kanyang mga binhi tungo sa lahat—Siya ay nagtungo sa Canaan, at hanggang sa Egipto.*

NGAYON ang Panginoong Diyos
ay pinapangyaring maging ma-
sidhi ang taggutom sa lupain ng
Ur, kung kaya nga't si [a]Haran,
na aking kapatid na lalaki, ay
namatay; subalit si [b]Thare, na
aking ama, ay namuhay pa sa
lupain ng Ur, ng mga Caldeo.
2 At ito ay nangyari na ako, si
Abraham, ay kinuha si [a]Sarai
upang maging asawa, at si
[b]Nachor, na aking kapatid na
lalaki, ay kinuha si Milca upang
maging asawa, na anak na ba-
bae ni Haran.
3 Ngayon [a]sinabi sa akin ng
Panginoon: Abraham, umalis
ka sa iyong bansa, at sa iyong
mga kamag-anak, at sa bahay ng
iyong ama, patungo sa lupaing
ipakikita ko sa iyo.
4 Kaya nga, aking nilisan ang
lupain ng [a]Ur, ng mga taga-
Caldeo, upang magtungo sa lu-
pain ng Canaan; at ipinagsama
ko si Lot, na anak na lalaki ng
aking kapatid, at ang kanyang
asawa, at si Sarai na aking
asawa; at gayon din ang aking
[b]ama ay sumunod sa akin, pa-
tungo sa lupaing tinawag na-
ming Haran.
5 At ang taggutom ay humupa;
at ang aking ama ay namalagi
sa Haran at nanirahan doon, sa-
pagkat maraming kawan sa Ha-
ran; at ang aking ama ay muling
bumaling sa kanyang [a]pagsam-
ba sa mga diyus-diyusan, anu-
pa't siya ay nanatili sa Haran.
6 Subalit ako, si Abraham, at
si [a]Lot, na anak na lalaki ng
aking kapatid, ay nanalangin sa
Panginoon, at ang Panginoon
ay [b]nagpakita sa akin, at sinabi
sa akin: Magbangon, at iyong
ipagsama si Lot; sapagkat ha-
ngad kong ilayo kayo sa Haran,
at gawin kang isang manganga-
ral upang dalhin ang aking [c]pa-

31*a* Abr. 3:1–18.
**2** 1*a* Gen. 11:28.
*b* Gen. 11:24–26; 1 Cron. 1:26.
2*a* Gen. 11:29. GBK Sara.
*b* Gen. 11:27; 22:20–24.
3*a* Gen. 12:1; Gawa 7:1–3.
4*a* Neh. 9:7.
*b* Gen. 11:31–32.
5*a* Jos. 24:2.
6*a* GBK Lot.
*b* Gen. 17:1. GBK Jesucristo—Si Cristo bago pa naging mortal.
*c* Gen. 12:2–3; Abr. 1:19.

ngalan sa isang di kilalang [d]lupain na aking ipagkakaloob sa iyong mga binhi na susunod sa iyo bilang isang walang katapusang pag-aari, kapag sila ay makikinig sa aking tinig.

7 Sapagkat ako ang Panginoon mong Diyos; ako ay nananahanan sa langit; ang lupa ang aking [a]tuntungan ng paa; iniuunat ko ang aking kamay sa dagat, at ito ay sumusunod sa aking tinig; pinapangyayari ko na ang hangin at ang apoy ay maging aking [b]karuwahe; sinasabi ko sa mga bundok—Umalis mula rito—at masdan, ang mga ito ay naalis sa pamamagitan ng isang buhawi, sa isang saglit, pagdaka.

8 Ang pangalan ko ay [a]Jehova, at nalalaman ko ang wakas mula sa simula; samakatwid, ang aking kamay ang gagabay sa iyo.

9 At gagawin ko mula sa iyo ang isang dakilang bansa, at ikaw ay [a]pagpapalain ko nang hindi masusukat, at padadakilain ang iyong pangalan sa lahat ng bansa, at ikaw ay magiging isang pagpapala sa iyong mga binhi na susunod sa iyo, na sa kanilang mga kamay ay dadalhin nila ang pangangaral na ito at [b]Pagkasaserdote sa lahat ng bansa;

10 At aking pagpapalain sila sa pamamagitan ng iyong pangalan; sapagkat kasindami ng tatanggap ng [a]Ebanghelyong ito ay tatawagin alinsunod sa iyong pangalan, at ibibilang sa iyong mga [b]binhi, at magbabangon at papupurihan ka, bilang kanilang [c]ama;

11 At aking [a]pagpapalain sila na magbibigay-puri sa iyo, at susumpain sila na susumpa sa iyo; at sa iyo (iyon ay, sa iyong Pagkasaserdote) at sa iyong mga [b]binhi (iyon ay, ang iyong Pagkasaserdote), sapagkat ako ay nagbibigay sa iyo ng isang pangako na ang [c]karapatang ito ay magpapatuloy sa iyo, at sa iyong mga binhi na susunod sa iyo (ibig sabihin, ang tunay na mga binhi, o ang mga binhi ng katawan) ay pagpapalain ang lahat ng mag-anak sa mundo, maging ng mga pagpapala ng Ebanghelyo, na mga pagpapala ng kaligtasan, maging ng buhay na walang hanggan.

12 Ngayon, matapos na ang Panginoon ay umalis mula sa pakikipag-usap sa akin, at ilayo ang kanyang mukha sa akin, ay nasabi ko sa aking puso: Ang inyong tagapaglingkod ay masigasig na [a]naghanap sa inyo; ngayon, aking natagpuan kayo;

6*d* Gen. 13:14–15; 17:8; Ex. 33:1. GBK Lupang Pangako.
7*a* 1 Ne. 17:39; D at T 38:17.
*b* Is. 66:15–16.
8*a* GBK Jehova.
9*a* 1 Ne. 17:40; 2 Ne. 29:14; 3 Ne. 20:27; Morm. 5:20. GBK Abraham—Ang binhi ni Abraham.
*b* D at T 84:17–19; Moi. 6:7. GBK Pagkasaserdoteng Melquisedec.
10*a* Gal. 3:7–9.
*b* Gen. 13:16; Gal. 3:29; 2 Ne. 30:2.
*c* GBK Patriyarka, Patriyarkal.
11*a* GBK Tipang Abraham.
*b* Is. 61:9.
*c* GBK Pagkapanganay; Israel; Pagkasaserdote.
12*a* D at T 88:63.

13 Isinugo ninyo ang inyong anghel upang [a]iligtas ako mula sa mga diyos ni Elkenah, at makabubuti sa akin ang makinig sa inyong tinig, samakatwid, pabangunin ang inyong tagapaglingkod at palisanin nang mapayapa.

14 Kaya't, ako, si Abraham ay lumisan tulad ng sinabi ng Panginoon sa akin, at kasama ko si Lot; at ako, si Abraham, ay [a]animnapu't dalawang taong gulang nang ako ay umalis sa Haran.

15 At ipinagsama ko si [a]Sarai, na kinuha ko upang maging asawa noong ako ay nasa [b]Ur, sa Caldeo, at si Lot, na anak na lalaki ng aking kapatid, at lahat ng aming ari-arian na aming natipon, at ang mga taong aming [c]nahikayat sa Haran, at sumapit sa daanan patungo sa lupain ng [d]Canaan, at nanirahan sa mga tolda habang kami ay naglalakbay;

16 Anupa't, kawalang-hanggan ang aming panakip at ang aming [a]bato at ang aming kaligtasan, samantalang kami ay naglalakbay mula sa Haran sa pagdaraan sa Jershon, upang makarating sa lupain ng Canaan.

17 Ngayon ako, si Abraham, ay nagtayo ng isang [a]dambana sa lupain ng Jershon, at gumawa ng pag-aalay sa Panginoon, at nanalangin upang humupa na ang [b]taggutom sa sambahayan ng aking ama, upang sila ay hindi masawi.

18 At pagkatapos ay dumaan kami sa Jershon sa lupaing nasa lugar ng Sichem; ito ay nasa mga kapatagan ng More, at narating na namin ang mga hangganan ng lupain ng mga [a]Cananita, at ako ay nag-alay ng [b]hain doon sa mga kapatagan ng More, at nanawagan sa Panginoon nang buong taimtim, sapagkat kami ay nakarating na sa lupain nitong bansang mapagsamba sa mga diyus-diyusan.

19 At ang Panginoon ay nagpakita sa akin bilang tugon sa aking mga panalangin, at sinabi sa akin: Sa iyong mga binhi ay ibibigay ko ang [a]lupaing ito.

20 At ako, si Abraham, ay tumayo mula sa lugar ng dambana na aking itinayo sa Panginoon, at lumipat mula roon sa bundok na nasa silangan ng [a]Betel, at itinayo roon ang aking tolda, ang Betel sa kanluran, at [b]Hai sa silangan; at doon ay nagtayo ako ng isa pang dambana sa Panginoon, at muling [c]nanawagan sa pangalan ng Panginoon.

21 At ako, si Abraham ay patuloy pa ring naglakbay patungo sa dakong katimugan; at nagkaroon ng patuloy na taggutom

13*a* Abr. 1:15–17.
14*a* Gen. 12:4–5.
15*a* GBK Sara.
*b* GBK Ur.
*c* GBK Pagbabalik-loob, Nagbalik-loob.
*d* GBK Canaan, Canaanita.
16*a* GBK Bato.
17*a* GBK Dambana.
*b* Abr. 1:29.
18*a* Gen. 12:6.
*b* GBK Hain.
19*a* Gen. 13:12–15; 17:8; Ex. 3:1–10; Blg. 34:2. GBK Lupang Pangako.
20*a* GBK Betel.
*b* Gen. 13:3–4.
*c* Gen. 12:8.

sa lupain; at ako, si Abraham, ay
nagpasiyang magtungo sa Egipto, upang pansamantalang manirahan doon, sapagkat naging
napakatindi ng taggutom.
22 At ito ay nangyari na nang
malapit na akong pumasok sa
Egipto, ang Panginoon ay nagsabi sa akin: Masdan, si [a]Sarai,
na iyong asawa, ay isang napakagandang babae sa paningin;
23 Kaya nga, ito ay mangyayari, na kapag makikita siya ng
mga taga-Egipto, ay sasabihin
nila—Siya ay kanyang asawa;
at ikaw ay kanilang papatayin,
subalit kanilang hahayaan siyang mabuhay; kaya nga, tiyaking iyong gawin ang ganito:
24 Sabihin niya sa mga taga-Egipto, siya ay iyong kapatid,
at ang iyong kaluluwa ay mabubuhay.
25 At ito ay nangyari na ako,
si Abraham ay sinabi kay Sarai
na aking asawa, ang lahat ng
sinabi sa akin ng Panginoon—
Kaya nga, sabihin sa kanila, isinasamo ko sa iyo, na ikaw ay
aking kapatid, upang ako ay
mapabuti para sa kapakanan
mo, at ang aking kaluluwa ay
mabubuhay dahil sa iyo.

## KABANATA 3

*Nalaman ni Abraham ang tungkol sa araw, buwan, at mga bituin sa pamamagitan ng Urim at Tummim —Ipinahayag ng Panginoon sa kanya ang walang hanggang katangian ng mga espiritu—Nalaman niya ang tungkol sa buhay bago pa ang buhay sa mundo, ang pagtalaga, ang Paglikha, ang pagpili ng isang Manunubos, at ang ikalawang kalagayan ng tao.*

At ako, si Abraham, ay may taglay na [a]Urim at Tummim na ipinagkaloob sa akin ng Panginoon
kong Diyos, sa Ur ng mga taga-Caldeo;
2 At nakita ko ang mga [a]bituin, na ang mga ito ay napakaningning, at ang isa sa mga ito
ay pinakamalapit sa trono ng
Diyos; at marami pang nangagniningningan na malapit dito;
3 At sinabi sa akin ng Panginoon: Ang mga ito ang tagapamahala; at ang pangalan ng
pinakamaningning ay [a]Kolob,
sapagkat ito ay malapit sa akin,
sapagkat ako ang Panginoon
mong Diyos: Inilagay ko ang
isang ito upang mamahala sa lahat ng yaong nabibilang sa gayon ding kaayusan na gaya
ng iyong kinatatayuan.
4 At sinabi sa akin ng Panginoon, sa pamamagitan ng Urim at
Tummim, na ang Kolob ay alinsunod sa pamamaraan ng Panginoon, alinsunod sa mga oras
at kapanahunan ng mga paginog niyon; na ang isang paginog ay isang [a]araw sa Panginoon, alinsunod sa pamamaraan
ng kanyang pagbilang, ito na
katumbas ng isanlibong [b]taon

22*a* Gen. 12:11–13.
**3** 1*a* Ex. 28:30; Mos. 8:13; 28:13–16; JS—K 1:35.
gbk Urim at Tummim.
2*a* Abr. 1:31.
3*a* Tingnan sa Paksimile Blg. 2, larawan 1–5.
gbk Kolob.
4*a* Abr. 5:13.
*b* Awit 90:4; 2 Ped. 3:8.

alinsunod sa panahong itinakda sa lugar na iyong kinatatayuan. Ito ang pagbilang ng oras ng Panginoon, alinsunod sa pagbilang ng Kolob.

5 At sinabi sa akin ng Panginoon: Ang planetang di gaano ang liwanag, na di kasinliwanag ng yaong namamayani sa umaga, maging sa gabi, ay nakahihigit o nakalalamang kaysa sa iyong kinatatayuan sa dako ng pagbilang, sapagkat gumagalaw ito sa kaayusan nang higit na mabagal; ito ay nasa ayos sapagkat ito ay nakatayo sa itaas ng mundo kung saan ka nakatayo, anupa't ang pagbilang ng oras nito ay di gaanong marami kung ihahambing sa bilang ng mga araw nito, at ng mga buwan, at ng mga taon.

6 At sinabi sa akin ng Panginoon: Ngayon, Abraham, umiiral ang [a]dalawang katotohanang ito, masdan, nakikita ito ng iyong mga mata; ipinagkakaloob sa iyo na malaman ang pagbilang ng mga panahon, at ang itinakdang panahon, oo, ang itinakdang panahon ng mundo kung saan ka nakatayo, at ang itinakdang panahon ng nakahihigit na liwanag na inilagay upang mamayani sa araw, at ang itinakdang oras ng di gaano ang liwanag na inilagay upang mamayani sa gabi.

7 Ngayon ang itinakdang oras ng di gaano ang liwanag ay may higit na mahabang panahon ng pagbilang nito kaysa sa pagbilang ng panahon sa mundo kung saan ka nakatayo.

8 At kung saan ang dalawang katotohanang ito ay umiiral, magkakaroon ng iba pang katotohanang nakahihigit sa mga ito, iyon ay, magkakaroon ng iba pang planeta na ang pagbilang ng panahon ay magiging mahaba rin;

9 At sa gayon magkakaroon ng pagbilang ng panahon ng isang planeta na higit sa iba, hanggang sa makalapit ka sa Kolob, kung aling Kolob ay alinsunod sa pagbilang ng panahon ng Panginoon; kung aling Kolob ay inilagay na malapit sa trono ng Diyos, upang mamahala sa lahat ng yaong planeta na nabibilang sa gayon ding [a]kaayusan na gaya ng kung saan ka nakatayo.

10 At ipinagkakaloob sa iyo na malaman mo ang mga itinakdang panahon sa lahat ng bituing inilagay upang magbigay ng liwanag, hanggang sa makalapit ka sa trono ng Diyos.

11 Sa gayon ako, si Abraham, ay [a]nakipag-usap sa Panginoon, nang harapan, tulad ng pakikipag-usap ng isang tao sa kanyang kapwa; at sinabi niya sa akin ang tungkol sa mga gawang nilikha ng kanyang mga kamay;

12 At sinabi niya sa akin: Anak ko, anak ko (at ang kanyang kamay ay nakaunat), masdan aking ipakikita sa iyo ang lahat ng ito. At inilagay niya ang kanyang kamay sa aking mga

6*a* Abr. 3:16–19.
9*a* D at T 88:37–44.
11*a* Gen. 17:1; Blg. 12:5–8.

mata, at nakita ko ang mga ba-
gay na yaon na nilikha ng kan-
yang mga kamay, na marami;
at dumami ang mga ito sa hara-
pan ng aking mga mata, at hin-
di ko makita ang wakas niyon.
13 At sinabi niya sa akin: Ito
ang Shinehah, na siyang araw.
At sinabi niya sa akin: Kokob,
na siyang bituin. At sinabi niya
sa akin: Olea, na siyang buwan.
At sinabi niya sa akin: Kokau-
beam, na nangangahulugang
mga bituin, o lahat ng nangag-
lalakihang tanglaw, na nasa ka-
lawakan ng langit.
14 At ito ay sa oras ng gabi
nang sinabi ng Panginoon ang
mga salitang ito sa akin: [a]Para-
ramihin kita, at ang iyong mga
[b]binhi na susunod sa iyo, na tu-
lad ng mga ito; at kung hindi
mo magagawang bilangin ang
[c]bilang ng mga buhangin, ay
gayon ang magiging bilang ng
iyong mga binhi.
15 At sinabi sa akin ng Pa-
nginoon: Abraham, ipinakikita
ko sa iyo ang mga bagay na ito
bago ka magtungo sa Egipto,
upang maipahayag mo ang la-
hat ng salitang ito.
16 Kung ang dalawang bagay
ay umiiral, at may isang nakahi-
higit sa isa, may mas nakahihigit
na mga bagay sa kanila; sama-
katwid, ang [a]Kolob ang pinaka-
maningning sa lahat ng Kokau-
beam na iyong nakita, sapagkat
ito ang pinakamalapit sa akin.
17 Ngayon, kung may dala-
wang bagay, ang isa ay nakahihi-
git sa isa, at ang buwan ay nasa
itaas ng mundo, kung gayon ay
maaaring may isang planeta o
isang bituing umiiral sa itaas
nito; at walang anumang ba-
gay ang isasapuso ng Pangino-
on mong Diyos na gawin mali-
ban kung kanyang [a]gagawin ito.
18 Paanong kanyang nilikha
ang nakahihigit na bituin; gaya
rin, kung may dalawang espiri-
tu, at ang isa ay higit na matali-
no kaysa sa isa, gayon man ang
dalawang espiritung ito, sa
kabila nang ang isa ay higit na
matalino kaysa sa isa ay
walang simula; nabuhay sila
noon, sila ay hindi magkakaroon
ng wakas, sila ay mabubuhay
pagkatapos, sapagkat sila ay
[a]gnolaum, o walang hanggan.
19 At sinabi sa akin ng Pa-
nginoon: Ang dalawang katoto-
hanang ito ay umiiral, na may
dalawang espiritu, ang isa ay
higit na matalino kaysa sa isa;
at magkakaroon pa ng higit na
matalino kaysa sa kanila; ako ang
Panginoon mong Diyos; ako ay
[a]higit na matalino kaysa sa kani-
lang lahat.
20 Ang Panginoon mong Diyos
ang nagsugo ng kanyang anghel
upang [a]iligtas ka mula sa mga
kamay ng saserdote ni Elkenah.
21 Ako ay nananahanan sa
gitna nilang lahat; ako ngayon,
samakatwid, ay bumaba sa iyo


14*a* Abr. 2:9.
*b* Gen. 13:16; D at T 132:30.
*c* Gen. 22:17; Os. 1:10.
16*a* Abr. 3:3.
17*a* Job 9:4–12.
18*a* Ang *gnolaum* ang pagsulat sa Ingles ng isang salitang Hebreo na nangangahulugang walang hanggan.
19*a* Is. 55:8–9.
20*a* Abr. 1:15.

upang ipahayag sa iyo ang mga
[a]gawang nilikha ng aking mga
kamay, kung saan ang aking
[b]karunungan ay nangingibabaw
sa kanilang lahat, sapagkat ako
ang naghahari sa itaas ng kala-
ngitan, at sa lupa sa ilalim, nang
buong karunungan at kahina-
hunan, sa lahat ng katalinuhang
nakita ng iyong mga mata mula
sa simula; ako ay bumaba sa si-
mula sa gitna ng lahat ng kata-
linuhang iyong nakita.
22 Ngayon ipinakita ng Pa-
nginoon sa akin, si Abraham,
ang mga [a]katalinuhang binuo
[b]bago pa ang mundo; at sa lahat
ng ito ay marami ang [c]marangal
at dakila;
23 At nakita ng Diyos ang
mga kaluluwang ito na sila ay
mabubuti, at siya ay tumayo sa
gitna nila, at kanyang sinabi:
Ang mga ito ang gagawin kong
mga tagapamahala; sapagkat
siya ay nakatayo sa mga espi-
ritung yaon, at kanyang nakita
na sila ay mabubuti; at kan-
yang sinabi sa akin: Abraham,
isa ka sa kanila; ikaw ay [a]pinili
bago ka pa man isinilang.
24 At may [a]isang nakatayo sa
kanila na tulad ng Diyos, at
kanyang sinabi sa mga yaong
kasama niya: Bababa tayo, sa-
pagkat may puwang doon, at
tayo ay magdadala ng mga
sangkap na ito, at [b]tayo ay lilik-
ha ng [c]mundo kung saan sila
makapaninirahan;
25 At [a]susubukin natin sila
upang makita kung kanilang
[b]gagawin ang lahat ng bagay
anuman ang iutos sa kanila ng
Panginoon nilang Diyos;
26 At sila na mga nakapanatili
sa kanilang [a]unang kalagayan
ay madaragdagan; at sila na
mga hindi nakapanatili sa kani-
lang unang kalagayan ay hindi
magtatamo ng kaluwalhatian
sa yaon ding kaharian na kasa-
ma ng mga yaong nakapanatili
sa kanilang unang kalagayan;
at sila na mga nakapanatili sa
kanilang [b]ikalawang kalagayan
ay magtatamo ng [c]kaluwalhati-
ang idaragdag sa kanilang mga
ulo magpakailanman at walang
katapusan.
27 At sinabi ng [a]Panginoon: Sino
ang isusugo ko? At ang isa ay
sumagot gaya ng [b]Anak ng Tao:
Narito ako, isugo ako. At may
[c]isa pang sumagot at nagsabi:
Narito ako, isugo ako. At sinabi
ng Panginoon: Aking isusugo
ang una.

21*a* D at T 88:45–47; Moi. 1:27–29.
*b* GBK Karunungan.
22*a* GBK Katalinuhan, Mga Katalinuhan.
*b* GBK Kapulungan sa Langit; Buhay Bago pa ang Buhay na Ito.
*c* D at T 138:55.
23*a* Is. 49:1–5; Jer. 1:5. GBK Mamili, Namili, Pumili; Pag-oorden sa Simula Pa.
24*a* GBK Panganay.
*b* GBK Likha, Paglikha.
*c* GBK Mundo—Nilikha para sa tao.
25*a* D at T 98:12–14; 124:55. GBK Kalayaang Mamili; Plano ng Pagtubos.
*b* GBK Pagsunod, Masunurin, Sumunod.
26*a* Jud. 1:6.
*b* GBK Tiyak na Pagkamatay, May Kamatayan.
*c* Tit. 1:2. GBK Kaluwalhatian.
27*a* GBK Diyos, Panguluhang Diyos—Diyos Ama.
*b* GBK Jesucristo; Anak ng Tao.
*c* Moi. 4:1–2.

# ISANG PAKSIMILE MULA SA AKLAT NI ABRAHAM

Bilang 2



# PALIWANAG

Larawan 1. Kolob, nangangahulugang ang unang paglikha, pinakamalapit sa selestiyal, o sa tirahan ng Diyos. Una sa pamamahala, ang huli ukol sa pagsukat ng oras. Ang pagsukat ay alinsunod sa oras na selestiyal, kung aling oras na selestiyal ay nangangahulugan ng isang araw sa isang siko. Ang isang araw sa Kolob ay katumbas ng isanlibong taon alinsunod sa pagsukat ng mundong ito, na tinatawag ng mga taga-Egipto na Jah-oh-eh.

Larawan 2. Ang katabi ng Kolob, na tinatawag ng mga taga-Egipto na Oliblish, na siyang susunod na dakilang namamahala sa paglikha na malapit sa selestiyal o ang lugar kung saan ang Diyos ay nananahanan; nagtataglay rin ng susi ng kapangyarihan, tumutukoy sa iba pang mga planeta; gaya ng pagkahayag ng Diyos kay Abraham, habang siya ay nag-aalay ng hain sa ibabaw ng isang dambana, na kanyang itinayo para sa Panginoon.

Larawan 3. Ginawa upang ilarawan ang Diyos, na nakaupo sa kanyang trono, nadaramitan ng kapangyarihan at karapatan; na may putong na walang hanggang liwanag sa kanyang ulo; inilalarawan din ang mga dakilang Punong-salita ng Banal na Pagkasaserdote, gaya ng pagkahayag kay Adan sa Halamanan ng Eden, at gayon din kina Set, Noe, Melquisedec, Abraham, at sa lahat ng yaong pinaghayagan ng Pagkasaserdote.

Larawan 4. Mga kasagutan sa Hebreong salita na Raukeeyang, na nangangahulugang kalawakan, o ang kalawakan ng kalangitan; isa ring larawang pambilang, sa mga taga-Egipto ay nangangahulugang isanlibo; tumutugon sa sukat ng panahon ng Oliblish, na katumbas ng Kolob sa kanyang pag-inog at sa kanyang pagsukat ng oras.

Larawan 5. Tinatawag ng mga taga-Egipto na Enish-go-on-dosh; ito ay isa rin sa mga namamahalang planeta, at sinasabi ng mga taga-Egipto na Araw, at nanghiram ng liwanag nito sa Kolob sa pamamagitan ng paraan ng Kae-e-vanrash, na siyang dakilang Susi, o, sa ibang mga salita, ang namamahalang kapangyarihan, na namamahala sa labinlimang iba pang nakapirming mga planeta o bituin, gaya rin ng Floeese o ng Buwan, ang Mundo at ang Araw sa kanilang taunang pag-inog. Ang planetang ito ay tumatanggap ng kanyang lakas sa pamamagitan ng Kli-flos-is-es, o Hah-ko-kau-beam, ang mga bituing kinakatawan ng mga bilang 22 at 23, tumatanggap ng liwanag mula sa pag-inog ng Kolob.

Larawan 6. Inilalarawan ang mundong ito sa kanyang apat na sulok.

Larawan 7. Inilalarawan ang Diyos na nakaupo sa kanyang trono, inihahayag sa buong kalangitan ang mga dakilang Punong-salita ng Pagkasaserdote; gaya, rin, ng tanda ng Espiritu Santo kay Abraham, tulad sa isang kalapati.

Larawan 8. Naglalaman ng mga isinulat na hindi maaaring ihayag sa sanlibutan; subalit ito ay nasa Banal na Templo ng Diyos.

Larawan 9. Hindi nararapat ipahayag sa kasalukuyang panahon.

Larawan 10. Gayon din.

Larawan 11. Gayon din. Kung matutuklasan ng sanlibutan ang mga bilang na ito, samakatwid hayaang mangyari ito. Amen.

Larawan 12, 13, 14, 15, 16, 17, 18, 19, 20, at 21 ay ibibigay sa sariling takdang panahon ng Panginoon.

Ang pagsasalin sa itaas ay ibinigay sa abot ng karapatang aming taglay na ibigay sa kasalukuyang panahon.

28 At ang [a]ikalawa ay nagalit,
at hindi napanatili sa kanyang
unang kalagayan; at, sa araw na
yaon, [b]marami ang sumunod sa
kanya.

## KABANATA 4

*Plinano ng mga Diyos ang paglikha ng mundo at lahat ng buhay sa ibabaw niyon—Ang kanilang mga plano para sa anim na araw ng paglikha ay inihayag.*

AT pagkatapos sinabi ng Pa-
nginoon: Tayo nang bumaba. At
sila ay bumaba noong [a]simula,
at sila, yaong mga Diyos, ay
[b]bumuo at hinubog ang kala-
ngitan at ang lupa.
2 At ang lupa, matapos itong
hubugin, ay walang laman at
mapanglaw, sapagkat wala si-
lang hinubog na anumang ba-
gay kundi ang lupa; at kadili-
man ang naghari sa ibabaw ng
kailaliman, at ang Espiritu ng
mga Diyos ay [a]lumimlim sa iba-
baw ng mga tubig.
3 At sila (ang mga Diyos) ay
nagsabi: Magkaroon ng liwa-
nag; at nagkaroon ng liwanag.
4 At sila (ang mga Diyos) ay
nakita ang liwanag, sapagkat
ito ay maningning; at kanilang
inihiwalay ang liwanag, o gi-
nawa itong ihiwalay, mula sa
kadiliman.
5 At tinawag ng mga Diyos ang
liwanag na Araw, at ang kadili-
man ay tinawag nilang Gabi. At
ito ay nangyari na mula sa gabi
hanggang sa umaga ay tinawag
nilang gabi; at mula sa umaga
hanggang sa gabi ay tinawag
nilang araw; at ito ang una, o
ang simula, ng yaong tinawag
nilang araw at gabi.
6 At sinabi rin ng mga Diyos:
Magkaroon ng isang [a]kalawa-
kan sa gitna ng mga tubig, at
ihihiwalay nito ang mga tubig
sa kapwa mga tubig.
7 At inutusan ng mga Diyos
ang kalawakan, kung kaya't ini-
hiwalay nito ang mga tubig na
nasa ilalim ng kalawakan mula
sa kapwa mga tubig na nasa iba-
baw ng kalawakan; at nagkaga-
yon nga, maging tulad ng kani-
lang ipinag-utos.
8 At tinawag ng mga Diyos
ang kalawakan, na [a]Langit. At
ito ay nangyari na mula sa gabi
hanggang sa umaga ay tina-
wag nilang gabi; at ito ay nang-
yari na mula sa umaga hang-
gang sa gabi ay tinawag nilang
araw; at ito ang ikalawang [b]pag-
kakataon na tinawag nilang gabi
at araw.
9 At nag-utos ang mga Diyos,
nagsasabing: Mapisan ang
mga [a]tubig na nasa silong ng
langit sa [b]isang dako, at ang
lupa ay lumitaw na tuyo; at
nagkagayon nga tulad ng kani-
lang ipinag-utos;
10 At tinawag ng mga Diyos
ang katuyuan, na Lupa; at ang
kapisanan ng mga tubig ay ti-
nawag nilang [a]Malalawak na

28*a* GBK Diyablo.
*b* GBK Anak na Lalaki ng Kapahamakan, Mga.
**4** 1*a* Gen. 1:1; Moi. 2:1.
*b* GBK Likha, Paglikha.
2*a* Gen. 1:2; Moi. 2:2.
6*a* Gen. 1:4–6; Moi. 2:4.
8*a* GBK Langit.
*b* Gen. 1:8.
9*a* Amos 9:6; Moi. 2:7.
*b* Gen. 1:9.
10*a* Gen. 1:10; Abr. 4:22.

Tubig; at nakita ng mga Diyos na sila ay sinunod.

11 At sinabi ng mga Diyos: Ihanda natin ang lupa upang sibulan ng [a]damo; pananim na nagkakabinhi; punungkahoy na namumunga, ayon sa kanyang uri, na ang binhi niyon ay nagbibigay ng gayon ding uri sa ibabaw ng lupa; at nagkagayon nga, maging tulad ng kanilang ipinag-utos.

12 At binuo ng mga Diyos ang lupa upang sibulan ng damo mula sa kanyang sariling binhi, at ang pananim upang magsibol ng pananim mula sa kanyang sariling binhi, nagkakabinhi ayon sa kanyang uri; at ang lupa upang sibulan ng punungkahoy mula sa kanyang sariling binhi, na namumunga, na ang binhi ay maaari lamang magsibol ng gayon din, ayon sa kanyang uri; at nakita ng mga Diyos na sila ay sinunod.

13 At ito ay nangyari na binilang nila ang mga araw; mula sa gabi hanggang sa umaga ay tinawag nilang gabi; at ito ay nangyari na mula sa umaga hanggang sa gabi ay tinawag nilang araw; at ito ang ikatlong pagkakataon.

14 At binuo ng mga Diyos ang mga [a]tanglaw sa kalawakan ng langit, at pinapangyaring ihiwalay nila ang araw mula sa gabi; at binuo ang mga ito upang maging mga pinaka-tanda at pinakabahagi ng mga panahon, at ng mga araw at ng mga taon;

15 At binuo ang mga ito upang maging pinaka-tanglaw sa kalawakan ng langit upang tumanglaw sa lupa; at nagkagayon nga.

16 At binuo ng mga Diyos ang dalawang malaking tanglaw, ang [a]mas malaking tanglaw upang mamayani sa araw, at ang mas maliit na tanglaw ay upang mamayani sa gabi; kasama ng mas maliit na tanglaw inilagay rin nila ang mga bituin;

17 At inilagay ng mga Diyos ang mga ito sa kalawakan ng kalangitan, upang tumanglaw sa lupa, at upang mamayani sa araw at sa gabi, at upang gawing mahiwalay ang liwanag sa kadiliman.

18 At minasdan ng mga Diyos ang mga bagay na yaong kanilang inutusan hanggang sa ang mga ito ay sumunod.

19 At ito ay nangyari na mula sa gabi hanggang sa umaga ay gabi; at ito ay nangyari na mula sa umaga hanggang sa gabi ay araw; at ito ang ikaapat na pagkakataon.

20 At sinabi ng mga Diyos: Ihanda natin ang mga tubig upang bukalan ito ng mga gumagalaw na kinapal na may buhay; at ng mga ibon, upang magsilipad ang mga ito sa itaas ng lupa sa luwal na kalawakan ng langit.

21 At inihanda ng mga Diyos ang mga tubig upang magkaroon ito ng malalaking [a]balyena, at bawat may buhay na kinapal na gumagalaw, na ibinukal na

11*a* Gen. 1:11–12; Moi. 2:11–12.
14*a* D at T 88:7–11.
16*a* Gen. 1:16.
21*a* Gen. 1:21; Moi. 2:21.

sagana ng tubig ayon sa kani-kanilang uri; at lahat ng may pakpak na ibon ayon sa kani-kanilang uri. At nakita ng mga Diyos na sila ay susundin, at na mabuti ang kanilang plano.

22 At sinabi ng mga Diyos: Babasbasan natin ang mga ito at gagawin ang mga itong maging palaanakin at magpakarami, at punuin ang mga tubig sa mga dagat o [a]malalawak na tubig; at papapangyarihing magparami ang mga ibon sa lupa.

23 At ito ay nangyari na mula sa gabi hanggang sa umaga ay tinawag nilang gabi; at ito ay nangyari na mula sa umaga hanggang sa gabi ay tinawag nilang araw; at ito ang ikalimang pagkakataon.

24 At inihanda ng mga [a]Diyos ang lupa upang bukalan ng may buhay na kinapal ayon sa kani-kanilang uri, mga hayop at gumagapang na kinapal, at ng mga ganid sa lupa ayon sa kani-kanilang uri; at nagkagayon nga, tulad ng kanilang sinabi.

25 At binuo ng mga Diyos ang lupa upang magkaroon ng mga ganid ayon sa kanilang uri, at mga hayop ayon sa kanilang uri, at lahat ng kinapal na gumagapang sa ibabaw ng lupa ayon sa kani-kanilang uri; at nakita ng mga Diyos na ang mga ito ay susunod.

26 At ang mga Diyos ay [a]nagsanggunian at nagsabi: Bumaba tayo at [b]hubugin ang tao alinsunod sa ating [c]anyo, alinsunod sa ating wangis; at bibigyan natin sila ng kapangyarihan sa mga isda sa dagat, at sa mga ibon sa himpapawid, at sa mga hayop, at sa buong lupa, at sa bawat gumagapang na kinapal na nagsisigapang sa lupa.

27 Samakatwid, bumaba ang mga [a]Diyos upang buuin ang tao sa kanilang sariling anyo, sa anyo ng mga Diyos ay kanila siyang huhubugin, lalaki at babae ay kanila silang huhubugin.

28 At sinabi ng mga Diyos: Babasbasan natin sila. At sinabi ng mga Diyos: Gagawin natin sila na maging palaanakin at magpakarami, at kalatan ang lupa, at supilin ito, at magkaroon ng kapangyarihan sa mga isda sa dagat, at sa mga ibon sa himpapawid, at sa bawat buhay na kinapal na gumagalaw sa lupa.

29 At sinabi ng mga Diyos: Masdan, ibibigay natin sa kanila ang bawat pananim na nagkakabinhi na tutubo sa ibabaw ng buong lupa, at bawat punungkahoy na magkakaroon ng bunga sa ibabaw nito; oo, ang bunga ng punungkahoy na nagkakabinhi, sa kanila natin ibibigay ito; ito ay magiging [a]pagkain nila.

30 At sa bawat hayop sa lupa, at sa bawat ibon sa himpapawid, at sa bawat kinapal na gumagapang sa lupa, masdan, bibigyan natin sila ng buhay, at ibibigay rin natin sa kanila ang

22*a* Abr. 4:10.
24*a* GBK Diyos, Panguluhang Diyos.
26*a* GBK Payo, Papayuhan.
*b* GBK Tao, Mga Tao.
*c* Moi. 6:8–10.
27*a* Gen. 1:26–27; Abr. 5:7.
29*a* Gen. 1:29–30.

# ISANG PAKSIMILE MULA SA AKLAT NI ABRAHAM

Bilang 3



## PALIWANAG

Larawan 1. Si Abraham na nakaupo sa trono ni Faraon, sa pamamagitan ng kagandahang-asal ng hari, na may putong sa kanyang ulo, na kumakatawan sa Pagkasaserdote, na pinakasagisag ng dakilang Panguluhan sa Langit; na may setro ng katarungan at kahatulan sa kanyang kamay.

Larawan 2. Si Haring Faraon na ang pangalan ay ibinibigay ng mga titik na nasa itaas ng kanyang ulo.

Larawan 3. Sumasagisag kay Abraham sa Egipto gaya rin sa Larawan 10 ng Paksimile Bilang 1.

Larawan 4. Prinsipe ni Faraon, Hari ng Egipto, gaya ng nakasulat sa itaas ng kamay.

Larawan 5. Shulem, isa sa mga pangunahing tagapagsilbi ng hari, gaya ng isinasalarawan ng mga titik sa itaas ng kanyang kamay.

Larawan 6. Olimlah, isang aliping pag-aari ng prinsipe.

Si Abraham ay nakikipagtalakayan hinggil sa mga alituntunin ng Astronomiya, sa hukuman ng hari.

bawat pananim na luntian bilang pinaka-pagkain, at ang lahat ng bagay na ito ay sa gayon mabubuo.

31 At sinabi ng mga Diyos: Gagawin natin ang lahat ng bagay na ating sinabi, at bubuuin sila; at masdan, sila ay magiging napakamasunurin. At ito ay nangyari na mula sa gabi hanggang sa umaga ay tinawag nilang gabi; at ito ay nangyari na mula sa umaga hanggang sa gabi ay tinawag nilang araw; at binilang nila ang [a]ikaanim na pagkakataon.

## KABANATA 5

*Tinapos ng mga Diyos ang kanilang pagpaplano sa paglikha ng lahat ng bagay—Kanilang isinakatuparan ang Paglikha alinsunod sa kanilang mga plano—Pinangalanan ni Adan ang bawat buhay na kinapal.*

AT sa gayon matatapos natin ang langit at ang lupa, at lahat na kinapal niyon.

2 At sinabi ng mga Diyos sa kanilang sarili: Sa [a]ikapitong pagkakataon ay tatapusin natin ang ating gawain, na ating pinag-usapan; at tayo ay mamamahinga sa ikapitong pagkakataon mula sa lahat ng ating gawain na ating pinag-usapan.

3 At winakasan ng mga Diyos ang mga gawain sa ikapitong pagkakataon, sapagkat sa ikapitong pagkakataon sila ay [a]mamamahinga mula sa lahat ng kanilang gawain na kanilang (ang mga Diyos) napag-usapang maanyuan; at [b]ipinangilin ito. At ganito ang kanilang mga naging kapasiyahan nang nag-usap-usap sila tungkol sa paghubog ng kalangitan at ng lupa.

4 At ang mga Diyos ay bumaba at hinubog nga ito, ang kasaysayan ng kalangitan at ng lupa, nang sila ay mahubog sa araw na hubugin ng mga Diyos ang lupa at ang kalangitan,

5 Alinsunod sa lahat ng kanilang sinabi hinggil sa lahat ng halaman ng parang [a]bago ito nailagay sa mundo, at bawat pananim sa parang bago ito tumubo; sapagkat hindi pa pinauulanan ng mga Diyos ang lupa nang sila ay mag-usap na gawin ang mga ito, at hindi pa humuhubog ng tao upang magbungkal ng lupa.

6 Ngunit may isang ulap na pumaitaas buhat sa lupa, at dinilig ang ibabaw ng buong lupa.

7 At hinubog ng mga [a]Diyos ang tao mula sa [b]alabok ng lupa, at kinuha ang kanyang [c]espiritu (iyon ay, ang espiritu ng tao), at inilagay ito sa kanya; at hiningahan ang kanyang ilong ng hininga ng buhay, at ang tao ay naging [d]kaluluwang may buhay.

8 At ang mga Diyos ay naglagay ng isang halamanan sa da-

31*a* Ex. 31:17.
**5** 2*a* GBK Araw ng Sabbath.
3*a* Ex. 20:8–11; Mos. 13:16–19.
*b* D at T 77:12.
5*a* GBK Espiritung Paglikha.
7*a* Abr. 4:26–31.
*b* Moi. 4:25; 6:59.
*c* Gen. 2:7; D at T 93:33. GBK Buhay Bago pa ang Buhay na Ito; Espiritu.
*d* GBK Kaluluwa.

kong silangan ng [a]Eden, at doon
nila inilagay ang tao, kung aling
espiritu ay inilagay nila sa kata-
wan ng kanilang hinubog.
9 At pinatubo ng mga Diyos sa
lupa ang lahat ng punungkahoy
na nakalulugod sa paningin at
mabubuting kainin; gayon din
ang [a]punungkahoy ng buhay, sa
gitna ng halamanan, at ang pu-
nungkahoy ng pagkakilala ng
mabuti at masama.
10 May isang ilog na duma-
daloy mula sa Eden, na dumi-
dilig sa halamanan, at mula
roon ito ay nahati at nag-apat na
sanga.
11 At kinuha ng mga Diyos ang
lalaki at inilagay siya sa Hala-
manan ng Eden, upang kanyang
alagaan ito at ingatan ito.
12 At inutusan ng mga Diyos
ang lalaki, nagsasabing: Sa lahat
ng punungkahoy sa halamanan
ay malaya kang makakakain,
13 Subalit ang punungkahoy
ng pagkakilala ng mabuti at ma-
sama, ay huwag kang kakain
nito; sapagkat sa oras na kuma-
in ka niyon, walang pagsalang
mamamatay ka. Ngayon, ako,
si Abraham ay nakitang ito ay
ayon sa [a]oras ng Panginoon, na
alinsunod sa oras ng [b]Kolob;
sapagkat sa ngayon ay hindi pa
naitakda ng mga Diyos kay
Adan ang kanyang pagbilang.
14 At sinabi ng mga Diyos: Gu-
mawa tayo ng makakatuwang
ng lalaki, sapagkat hindi mabuti
na ang lalaki ay mag-isa, kaya
nga, tayo ay huhubog ng maka-
katuwang niya.
15 At pinapangyari ng mga
Diyos na mahimbing na maka-
tulog si [a]Adan; at siya ay natulog,
at kinuha nila ang isa sa kan-
yang mga tadyang, at pinapag-
hilom ang laman sa dakong yaon;
16 At mula sa tadyang na ki-
nuha ng mga Diyos sa lalaki, ay
hinubog nila ang isang [a]babae,
at dinala siya sa lalaki.
17 At sinabi ni Adan: Ito ay
buto ng aking buto at laman ng
aking laman, ngayon, siya ay ta-
tawaging Babae, sapagkat siya
ay kinuha sa lalaki ;
18 Kaya nga iiwan ng isang la-
laki ang kanyang ama at kan-
yang ina, at [a]makikipisan sa
kanyang asawa, at sila ay ma-
giging [b]isang laman.
19 At sila ay kapwa hubad, ang
lalaki at ang kanyang asawa, at
sila ay hindi nagkakahiyaan.
20 At hinubog ng mga Diyos
mula sa lupa ang lahat ng hayop
sa parang, at lahat ng ibon sa
himpapawid, at dinala ang mga
ito kay Adan upang malaman
kung ano ang kanyang itatawag
sa mga iyon, at anuman ang ita-
wag ni Adan sa bawat kinapal
na may buhay, yaon ang naging
pangalan niyon.
21 At pinangalanan ni Adan
ang lahat ng hayop, at ang ibon
sa himpapawid, at ang bawat
ganid sa parang; at para kay
Adan, may natagpuang maging
katuwang niya.

8*a* GBK Eden.
9*a* GBK Punungkahoy ng Buhay.
13*a* 2 Ped. 3:8.
*b* Abr. 3:2–4. GBK Kolob.
15*a* GBK Adan.
16*a* GBK Eva.
18*a* D at T 42:22; 49:15–16.
*b* GBK Kasal, Pagpapakasal.

# Joseph Smith—Mateo

*Isang hango mula sa mga pagsasalin ng Biblia gaya ng pagkakahayag sa Propetang si Joseph Smith noong 1831: Mateo 23:39 at kabanata 24.*

*Ibinadya ni Jesus ang nalalapit na pagkawasak ng Jerusalem—Siya rin ay tumalakay sa ikalawang pagparito ng Anak ng Tao, at sa pagkalipol ng masasama.*

SAPAGKAT sinasabi ko sa inyo, na hindi ninyo ako makikita mula ngayon at malalaman na ako ang siyang isinulat ng mga propeta, hanggang sasabihin ninyo: Pinagpala siya na [a]dumarating sa pangalan ng Panginoon, sa mga ulap ng langit, at lahat ng banal na anghel na kasama niya. Kapagdaka, naunawaan ng kanyang mga disipulo na siya ay muling paparito sa mundo, matapos na siya ay dakilain at putungan sa kanang kamay ng [b]Diyos.
2 At si Jesus ay lumabas, at humayo sa templo; at ang kanyang mga disipulo ay nagsilapit sa kanya, upang marinig siya, sinasabing: Panginoon, ipakita ninyo sa amin ang hinggil sa mga gusali ng templo, gaya ng inyong sinabi—Ang mga ito ay babagsak, at maiiwan sa inyong mapanglaw.
3 At sinabi ni Jesus sa kanila: Hindi nga ba ninyo nakikita ang lahat ng bagay na ito, at hindi ba ninyo nauunawaan ang mga ito? Katotohanang sinasabi ko sa inyo, walang maiiwan dito, sa templong ito, na isang [a]bato sa ibabaw ng ibang bato na hindi ibabagsak.
4 At sila ay iniwan ni Jesus, at nagtungo sa Bundok ng mga Olibo. At samantalang siya ay nakaupo sa [a]Bundok ng mga Olibo, ay nagsilapit sa kanya nang bukod ang mga disipulo, nagsasabing: Sabihin ninyo sa amin kung kailan mangyayari ang mga bagay na ito na inyong sinabi hinggil sa pagkawasak ng templo, at ng mga Judio; at ano ang [b]palatandaan ng inyong [c]pagparito, at ng [d]katapusan ng daigdig, o ang pagkalipol ng [e]masasama, na siyang wakas ng daigdig?
5 At si Jesus ay sumagot, at sinabi sa kanila: Mangag-ingat kayo upang huwag kayong malinlang ninuman;
6 Sapagkat marami ang magsisiparito sa aking pangalan, na magsasabi—Ako ang Cristo—at malilinlang ang marami;
7 Kung magkakagayon ay ibi-

**1** 1*a* Mat. 26:64; Gawa 1:11.
*b* GBK Diyos, Panguluhang Diyos.
3*a* Lu. 19:44.
4*a* GBK Olibo, Bundok ng mga.
*b* Lu. 21:7–36; D at T 45:16–75. GBK Huling Araw, Mga; Palatandaan ng Panahon, Mga.
*c* GBK Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
*d* GBK Daigdig—Katapusan ng daigdig.
*e* Mal. 4:1; D at T 133:64–74. GBK Masama, Kasamaan.

bigay nila kayo sa [a]kapighati-
an, at papatayin kayo, at kayo
ay [b]kapopootan ng lahat ng
bansa, dahil sa aking pangalan;
8 At kung magkagayon ay ma-
raming matitisod, at magkaka-
nulo sa isa't isa, at kapopootan
ang isa't isa;
9 At maraming bulaang prope-
ta ang magsisibangon, at lilinla-
ngin ang marami;
10 At dahil sa paglaganap ng
kasamaan, ang [a]pag-ibig ng ma-
rami ay manlalamig;
11 Subalit siya na mananatiling
matatag at hindi madadaig, siya
rin ay maliligtas.
12 Kapag inyong nakita, sama-
katwid ang [a]karumal-dumal na
pagkawasak, na sinabi ng pro-
petang si [b]Daniel, hinggil sa
pagkawasak ng [c]Jerusalem, pag-
katapos ikaw ay tatayo sa [d]banal
na lugar; siya na bumabasa,
unawain niya.
13 Kung magkagayon sila na
nasa Judea ay magsitakas patu-
ngo sa mga [a]bundok;
14 Siya na nasa bubungan ay
tumakas, at huwag nang buma-
lik pa upang maglabas ng anu-
mang bagay mula sa loob ng
kanyang bahay;
15 Ni siya na nasa bukid ay
bumalik pa upang kumuha ng
kanyang mga kasuotan;
16 At sa aba nila na [a]nagdadalan-
tao, at sa kanila na nagpapasuso
sa mga araw na yaon;
17 Samakatwid, manalangin
kayo sa Panginoon na huwag
mangyari ang inyong pagtakas
sa panahong taglamig, ni sa
araw man ng Sabbath;
18 Sapagkat kung magkaga-
yon, sa mga araw na yaon, ay
magkakaroon ng malaking ka-
pighatian sa mga [a]Judio, at sa
mga naninirahan sa [b]Jerusalem,
na hindi pa ipinadala sa Israel,
ng Diyos, buhat pa sa simula
ng kanilang kaharian hanggang
sa panahong ito; hindi, at ni hin-
di kailanman ipadadalang muli
sa Israel.
19 Ang lahat ng bagay na ka-
nilang sinapit ay simula pa la-
mang ng mga kalungkutang
sasapit sa kanila.
20 At maliban kung paiikliin
ang mga araw na yaon, wala
isa man sa kanilang laman ang
makaliligtas; datapwat alang-
alang sa mga hinirang, alinsu-
nod sa tipan, ang mga araw na
yaon ay paiikliin.
21 Masdan, sinasabi ko ang
mga bagay na ito sa inyo hing-
gil sa mga Judio; at muli, pag-
katapos ng mga kapighatian
sa mga araw na yaon na sasapit
sa Jerusalem, kung may mag-
sabi sa inyo na sinumang tao,
Dinggin, narito si Cristo, o naro-
on, huwag ninyo siyang pani-
walaan;
22 Sapagkat sa mga araw na
yaon ay may magsisilitaw ring
mga bulaang Cristo, at bulaang
propeta, at magpapakita ng mga

7*a* 1 Ped. 4:12–14.
*b* GBK Usigin, Pag-uusig.
10*a* D at T 45:27.
12*a* Dan. 12:11.
*b* GBK Daniel.
*c* GBK Jerusalem.
*d* D at T 101:22–25.
13*a* D at T 133:13.
16*a* Lu. 23:29–30.
18*a* GBK Judio, Mga.
*b* Zac. 12; 14:1–5.

dakilang palatandaan at kababalaghan, ano pa't malilinlang nila kung maaari, pati ang mga nahirang, na mga hinirang alinsunod sa tipan.

23 Masdan, sinasabi ko ang mga bagay na ito sa inyo [a]alang-alang sa mga hinirang; at makaririnig din kayo ng mga [b]digmaan, at alingawngaw ng digmaan; tiyaking huwag kayong magulumihanan, sapagkat ang lahat ng aking sinabi sa inyo ay kinakailangang mangyari; datapwat hindi pa ang wakas.

24 Masdan, ipinagpauna ko nang sinabi sa inyo;

25 Kaya nga, kung sa inyo ay sasabihin nila: Masdan, siya ay nasa ilang; huwag kayong magsihayo: Masdan, siya ay nasa mga lihim na silid; huwag ninyong paniwalaan ito;

26 Sapagkat gaya ng liwanag ng umaga na nanggagaling sa [a]silangan, at sumisikat maging sa kanluran, at bumabalot sa buong mundo, gayon din naman ang pagparito ng Anak ng Tao.

27 At ngayon magsasalaysay ako sa inyo ng isang talinghaga. Masdan, saan man naroon ang bangkay, ay doon matitipon ang mga buwitre; kung kaya sa gayon din [a]matitipon ang aking mga hinirang mula sa apat na sulok ng mundo.

28 At makaririnig sila ng mga digmaan, at alingawngaw ng digmaan.

29 Masdan, nangungusap ako alang-alang sa aking mga hinirang; sapagkat maghihimagsik ang bansa laban sa bansa, at ang kaharian laban sa kaharian; [a]magkakagutom, at magkakasalot, at lilindol sa iba't ibang dako.

30 At muli, dahil sa paglaganap ng kasamaan, ang pag-ibig ng mga tao ay manlalamig; datapwat siya na hindi padadaig, siya rin ay maliligtas.

31 At muli, ang Ebanghelyong ito ng Kaharian ay ipangangaral sa buong [a]daigdig, bilang patotoo sa lahat ng bansa, at pagkatapos ay sasapit ang katapusan, o ang pagkalipol ng masasama;

32 At muli ang karumal-dumal na pagkawasak, na sinabi ng propetang si Daniel, ay matutupad.

33 At kara-karakang pagkatapos ng kapighatian sa mga araw na yaon, ang [a]araw ay magdidilim, at ang buwan ay hindi magbibigay ng kanyang liwanag, at ang mga bituin ay mangalalaglag mula sa langit, at ang mga kapangyarihan sa langit ay mayayanig.

34 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang salinlahing ito, na kung kanino ang mga bagay na ito ay ipakikita, ay hindi lilipas hanggang sa ang lahat ng sinabi ko sa inyo ay matupad.

35 Kahit na, sa mga araw na darating, na ang langit at lupa ay lilipas; gayon man, ang aking

23*a* GBK Hinirang, Pagkakahirang.
*b* D at T 45:26.
26*a* Ez. 43:2.
27*a* GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
29*a* D at T 43:24–25.
31*a* Mat. 28:19–20.
33*a* Joel 2:10; D at T 29:14.

mga [a]salita ay hindi lilipas, kun-
di lahat ay matutupad.
36 At, gaya ng aking nasabi na
noon, pagkatapos ng [a]kapigha-
tian sa mga araw na yaon, at ang
mga kapangyarihan ng kalangi-
tan ay mayayanig, pagkaraan ay
lilitaw ang palatandaan ng Anak
ng Tao sa langit, at pagkatapos
ay magsisitaghoy ang lahat ng
angkan sa lupa; at makikita nila
ang Anak ng Tao na [b]dumara-
ting na nasa mga ulap ng langit,
na may kapangyarihan at daki-
lang kaluwalhatian;
37 At sinuman ang magpapa-
halaga sa aking [a]salita ay hindi
malilinlang, sapagkat ang Anak
ng Tao ay paparito, at isusugo
niya ang kanyang mga [b]anghel
sa kanyang harapan na may
matinding tunog ng isang paka-
kak, at kanilang [c]titipunin ang
labi ng kanyang mga hinirang
mula sa apat na hangin, mula sa
isang dulo ng langit hanggang
sa kabila.
38 Sa puno ng [a]igos nga ay
pag-aralan ninyo ngayon ang
kanyang talinghaga—Kapag ang
mga sanga nito ay nananariwa,
at nagsisimulang umusbong ang
mga dahon nito, malalaman nin-
yo na malapit na ang tag-araw;
39 Gayon din naman, aking
mga hinirang, pagka nangakita
nila ang lahat ng bagay na ito,
malalaman nila na siya ay ma-
lapit na, maging nasa mga pin-
tuan na nga;
40 Ngunit tungkol sa araw na
yaon, at oras, walang sinuman
ang [a]nakaaalam; wala, kahit ang
mga anghel ng Diyos sa langit,
kundi ang Ama ko lamang.
41 Subalit gaya noong mga
araw ni [a]Noe, ito ay gayon din
naman sa pagparito ng Anak
ng Tao;
42 Sapagkat ito ay matutulad
sa kanila, gaya noong mga araw
bago ang [a]baha; sapagkat hang-
gang sa araw na pumasok si
Noe sa arka, sila ay nagsisikain
at nagsisiinom, nangag-aasawa
at pinapag-aasawa;
43 At hindi nila namamala-
yan hanggang sa dumating ang
baha, at sila ay tinangay na la-
hat; gayon din naman ang pag-
parito ng Anak ng Tao.
44 Sa panahong iyon ay matu-
tupad yaong nasusulat, na sa
mga [a]huling araw, dalawa ang
nasa bukid, ang isa ay kuku-
nin, at ang isa ay [b]iiwan;
45 Dalawa ang nagsisigiling
sa gilingan, ang isa ay kukunin,
at ang isa ay iiwan;
46 At kung ano ang aking sina-
bi sa isa, ay sinasabi ko sa lahat
ng tao; [a]magbantay nga kayo,
sapagkat hindi ninyo nalalaman
kung anong araw darating ang
inyong Panginoon.
47 Datapwat ito ay talastasin

35*a* D at T 1:38.
36*a* JS—M 1:18.
*b* GBK Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
37*a* GBK Banal na Kasulatan, Mga.
*b* D at T 29:11–15.
*c* GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
38*a* D at T 35:16.
40*a* D at T 39:20–21; 49:7.
41*a* Gen. 6:5.
42*a* GBK Baha sa Panahon ni Noe.
44*a* GBK Huling Araw, Mga.
*b* Zac. 13:8.
46*a* GBK Magbantay, Mga Tagabantay.

ninyo, na kung nalalaman ng puno ng bahay kung anong oras darating ang magnanakaw, siya ay magbabantay at hindi niya pababayaang matibag ang kanyang bahay, kundi naging handa sana siya.

48 Kaya nga kayo ay magsipaghanda rin, sapagkat sa oras na hindi ninyo inaakala, ang Anak ng Tao ay paparito.

49 Sino nga ba, ang tagapagsilbing [a]tapat at matalino, na ginawang tagapamahala ng kanyang panginoon sa kanyang sambahayan, upang sila ay bigyan ng pagkain sa takdang kapanahunan?

50 Pinagpala yaong tagapagsilbi na kung dumating ang kanyang panginoon, ay maratnan siyang gayon ang kanyang ginagawa; at katotohanang sinasabi ko sa inyo, sa kanya ay ipamamahala ang lahat niyang ari-arian.

51 Datapwat kung ang masamang tagapagsilbing yaon ay magsabi sa kanyang puso: [a]Magtatagal ang aking panginoon sa kanyang pagparito,

52 At magsimulang bugbugin ang kanyang mga kapwa tagapagsilbi, at makipagkainan at makipag-inuman sa mga lasing,

53 Ang panginoon ng tagapagsilbing yaon ay darating sa araw na hindi niya hinihintay, at sa oras na hindi niya nalalaman,

54 At siya ay ihihiwalay, at itatakda sa kanya ang kanyang bahagi kasama ng mga mapagbalat-kayo; doon magkakaroon ng pagtangis at [a]pagngangalit ng mga ngipin.

55 At sa gayon darating ang [a]katapusan ng masasama, ayon sa propesiya ni Moises, nagsasabing: Sila ay ihihiwalay sa mga tao; subalit ang katapusan ng mundo ay hindi pa, kundi nalalapit na.

---

49*a* GBK Pagtitiwala.
51*a* D at T 45:26.
54*a* Mat. 8:12.
55*a* 2 Ne. 30:10; D at T 1:9–10; 29:17. GBK Daigdig—Katapusan ng daigdig.

# Joseph Smith—Kasaysayan

MGA HANGO MULA SA KASAYSAYAN NI JOSEPH SMITH, ANG PROPETA

*History of the Church*, Tomo 1, Kabanata 1 hanggang 5

*Isinalaysay ni Joseph Smith ang kanyang angkang pinagmulan, ang mga kasapi ng mag-anak, at ang kanilang mga unang tirahan—Isang kakaibang kaguluhan tungkol sa relihiyon ang nangingibabaw sa dakong kanluran ng New York—Siya ay nagpasiyang maghanap ng karunungan gaya ng itinagubilin ni Santiago—Ang Ama at ang Anak ay nagpakita at tinawag si Joseph sa kanyang paglilingkod bilang isang propeta. (Talata 1–20.)*

SANHI ng maraming usap-usapang ikinalat ng masasama at mga manlilinlang na tao, kaugnay ng [a]pagkakatatag at pag-unlad ng Ang [b]Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, lahat ng yaon ay binalak ng mga nagpasimula niyon upang humadlang laban sa magandang pangalan nito bilang isang simbahan at sa pag-unlad nito sa daigdig—Ako ay naganyak na isulat ang kasaysayang ito, upang bigyang-linaw ang isipan ng madla, at upang ipaalam sa lahat ng mananaliksik ng katotohanan ang mga tunay na nangyari, ayon sa pagkakaganap nito, kaugnay ng aking sarili at ng Simbahan, sa abot ng aking nalalaman sa mga tunay na nangyari.

2 Sa kasaysayang ito ay ilala-
had ko ang iba't ibang pang-
yayari kaugnay ng Simbahang
ito, sa katotohanan at kabuti-
han, ayon sa pagkakaganap ng
mga ito, o ayon sa pag-iral ng
mga ito sa kasalukuyan, sa nga-
yon (1838) ang ikawalong taon
magmula nang [a]itatag ang na-
sabing Simbahan.
3 Isinilang [a]ako sa taon ng
ating Panginoon isanlibo wa-
long daan at lima, sa ikadala-
wampu't tatlong araw ng Dis-
yembre, sa bayan ng Sharon,
Windsor County, Estado ng
Vermont . . . Ang aking ama, si
[b]Joseph Smith, Senior, ay nilisan
ang Estado ng Vermont, at lumi-
pat sa Palmyra, Ontario (ngayon
ay Wayne) County, sa estado
ng New York, nang ako ay nasa
ikasampung taong gulang, o
humigit-kumulang doon. Pag-
karaan ng halos apat na taon
ng pagdating ng aking ama sa
Palmyra, lumipat siya kasama
ang kanyang mag-anak sa Man-
chester, sa yaon ding County
ng Ontario—
4 Ang kanyang mag-anak ay
binubuo ng labing-isang katao,
alalaong baga'y ang aking ama,
si [a]Joseph Smith; ang aking [b]ina,
si Lucy Smith (na ang apelyido,
bago ang kanyang pag-aasawa,

**1** 1*a* GBK Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo.
*b* GBK Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Ang.
2*a* D at T 20:1.
3*a* GBK Smith, Joseph, Jr.
*b* 2 Ne. 3:15.
4*a* GBK Smith, Joseph, Sr.
*b* GBK Smith, Lucy Mack.

ay Mack, anak ni Solomon Mack); ang mga kapatid kong lalaki, si [c]Alvin (namatay noong ikalabinsiyam ng Nobyembre, 1823, sa kanyang ikadalawampu't limang taon), si [d]Hyrum, ako, si [e]Samuel Harrison, si William, si Don Carlos; at ang mga kapatid kong babae, sina Sophronia, Catherine, at Lucy.

5 Noong nasa ikalawang taon pagkaraang kami'y lumipat sa Manchester, may kakaibang kaguluhan sa paksa ng relihiyon sa lugar na aming tinitirahan. Nagsimula ito sa mga Methodist, subalit dagliang naging karaniwan sa lahat ng sekta sa dakong yaon. Sa katunayan, ang buong purok ay tila nahikayat nito, at nagsama-sama ang maraming tao sa iba't ibang pangkat ng mga relihiyon, na lumikha ng hindi maliit na kaguluhan at pagkakahati ng mga tao, ang ilan ay nagsisigaw ng, [a]"Halina, rito!" at ang iba'y, "Halina, roon!" Ang iba ay nakikipagtalo para sa pananampalatayang Methodist, ang iba para sa Presbyterian, at ang iba'y para sa Baptist.

6 Sa kabila ng malaking pagibig na ipinamalas ng mga bagong kasapi ng iba't ibang pananampalatayang ito noong panahon ng kanilang pagbabalik-loob, at ang dakilang pagpupunyagi na ipinakita ng kani-kanilang mga pastor, na silang masisigla sa pagpapasimuno at pagtataguyod ng di pangkaraniwang tagpong ito ng damdaming pangrelihiyon, upang ang lahat ay makuhang magbalik-loob, na ikinalulugod nilang itawag dito, hayaan silang sumapi sa anumang sekta na maibigan nila; gayon pa man, nang magsimulang magsihanay ang mga nagbalik-loob, ang ilan ay sa isang pangkat, at ang ilan sa iba, namalas na ang tila bagang mabubuting damdamin ng kapwa mga saserdote at nagbalik-loob ay higit na pagkukunwari kaysa tunay; sapagkat isang tagpo ng malaking kaguluhan at masamang damdamin ang kinahantungan—nakikipagtalo ang mga saserdote laban sa saserdote, at mga nagbalik-loob laban sa kapwa nagbalik-loob; anupa't lahat ng kanilang mabubuting damdamin sa isa't isa, kung sila ma'y nagkaroon nga nito, ay ganap na nawala sa [a]sigalutan ng mga salita at sa tunggalian hinggil sa mga palagay.

7 Sa panahong ito ako ay nasa aking ikalabinlimang taong gulang. Ang mag-anak ng aking ama ay napaniwala sa pananampalatayang Presbyterian, at apat sa kanila ang sumapi sa simbahang yaon, alalaong baga'y ang aking ina, si Lucy; ang aking mga kapatid na lalaking sina Hyrum at Samuel Harrison; at ang aking kapatid na babaing si Sophronia.

8 Sa panahong ito ng malaking kaguluhan, ang aking pagiisip ay natawag sa matamang

4*c* D at T 137:5–6.
*d* GBK Smith, Hyrum.
*e* GBK Smith, Samuel H.
5*a* Mat. 24:23.
6*a* GBK Kaguluhan.

pagmumuni-muni at malaking pagkabahala; subalit, bagaman ang aking mga damdamin ay matindi at kadalasan ay masidhi, gayon man nanatili akong malayo sa mga pangkat na ito, bagaman ako ay dumadalo sa ilan nilang pagpupulong na kasindalas ng ipinahihintulot ng pagkakataon. Sa paglipas ng panahon, ang aking pag-iisip ay bahagyang pumapanig sa sekta ng Methodist, at nakaramdam ako ng kaunting pagnanais na makiisa sa kanila; ngunit napakalaki ng kaguluhan at sigalutan ng iba't ibang sekta, na hindi maaari para sa isang tao na kasimbata ko, at walang kabatiran sa mga tao at bagay-bagay, na makarating sa anumang tiyak na pagpapasiya kung sino ang tama at kung sino ang mali.

9 Kung minsan ang aking isipan ay labis na naguguluhan, ang sigawan at pag-iingay ay napakalakas at walang humpay. Ang mga Presbyterian ang pinakasalungat laban sa mga Baptist at Methodist, at ginamit ang lahat ng lakas kapwa sa pangangatwiran at sa kasanayan upang patunayan ang kanilang mga kamalian, o kahit paano, ay magawang papag-isipin ang mga tao na sila ay mali. Sa kabilang dako, ang mga Baptist at Methodist ay gayon din kasigasig sa pagpupunyagi na mapatunayan ang kanilang sariling aral at pasinungalingan ang lahat ng iba.

10 Sa gitna nitong labanan ng mga salita at ingay ng mga haka-haka, madalas kong sabihin sa aking sarili: Ano ang nararapat gawin? Sino sa lahat ng pangkat na ito ang [a]tama; o, lahat ba sila ay pare-parehong mali? Kung mayroon mang isang tama sa kanila, alin ito, at paano ko ito malalaman?

11 Habang ako ay naghihirap sa ilalim ng masisidhing suliranin sanhi ng pagtutunggalian ng mga pangkat na ito ng mga relihiyoso, isang araw ako ay nagbabasa ng Sulat ni Santiago, unang kabanata at ikalimang talata, na mababasang: *Ngunit kung nagkukulang ng karunungan ang sinuman sa inyo, ay humingi sa Diyos, na nagbibigay nang sagana sa lahat, at hindi nanunumbat; at ito'y ibibigay sa kanya.*

12 Wala sa alinmang sipi sa banal na kasulatan ang nakapukaw nang may higit na kapangyarihan sa puso ng tao kaysa sa nagawa nito sa akin sa oras na ito. Tila pumasok ito nang may malakas na kapangyarihan sa bawat himaymay ng aking puso. Paulit-ulit kong pinagmuni-muni ito, nalalaman na kung may tao mang nangangailangan ng karunungan mula sa Diyos, ako yaon; na kung paano kikilos ay hindi ko alam, at maliban na kung makakukuha ako ng higit na karunungan kaysa sa aking taglay na, hindi ko kailanman malalaman; sapagkat ang mga guro ng iba't ibang sekta ng relihiyon ay

10*a* GBK Katotohanan.

magkakaiba ang [a]pagkaunawa sa iisang sipi ng banal na kasulatan na nakawawawasak ng lahat ng tiwala sa paglutas ng katanungan sa pamamagitan ng pagsasangguni sa [b]Biblia.

13 Sa wakas nakarating ako sa pagpapasiya na alin sa dalawa, ako ay mananatili sa kadiliman at kaguluhan, o kaya'y kinakailangan kong gawin ang tagubilin ni Santiago, yaon ay, humingi sa Diyos. Sa wakas nakarating ako sa matibay na hangarin na [a]"humingi sa Diyos," nagpapasiya na kung siya ay nagbibigay ng karunungan sa mga yaong kulang ng karunungan, at magbibigay nang sagana, at hindi manunumbat, maaari akong magbakasakali.

14 Kaya nga, alinsunod dito, sa aking matibay na hangaring humingi sa Diyos, nagtungo ako sa kakahuyan upang maisagawa ang aking pagtatangka. Ito ay sa umaga ng isang maganda, maaliwalas na araw, sa tagsibol ng taong isanlibo walong daan at dalawampu. Ito ang kauna-unahang pagkakataon sa aking buhay na ako ay gumawa ng ganitong pagtatangka, sapagkat sa gitna ng lahat ng aking pagkabahala, kailanman ay hindi ko pa nagawa ang pagtatangkang [a]manalangin nang malakas.

15 Matapos na magtungo ako sa lugar na kung saan ko binalak magtungo, matapos kong tingnan ang aking paligid, at nang matiyak kong ako'y nag-iisa, ako'y lumuhod at nagsimulang ialay ang mga naisin ng aking puso sa Diyos. Bahagya ko pa lamang nagagawa ito, nang daglian akong sinunggaban ng isang kapangyarihan na ganap akong dinaig, at may kagila-gilalas na lakas na higit sa akin upang igapos ang aking dila nang hindi ako makapagsalita. Nagtipon ang makapal na kadiliman sa aking paligid, at sa wari ko ng sandaling yaon, na tila ako ay nakatadhana sa biglaang pagkawasak.

16 Subalit, sa paggamit ng lahat ng aking lakas upang [a]tumawag sa Diyos na iligtas ako sa kapangyarihan ng kaaway na ito na sumunggab sa akin, at sa sandaling yaon nang ako ay nakahanda nang pumailalim sa kawalang-pag-asa at ipaubaya ang aking sarili sa pagkawasak—hindi sa isang likhang-isip na pagkawasak, kundi sa kapangyarihan ng isang tunay na nilikha na mula sa hindi nakikitang daigdig, na may kagilagilalas na lakas na kailanman ay hindi ko pa naramdaman sa anumang nilikha—sa sandaling ito ng labis na pangamba, ako ay nakakita ng isang haligi ng [b]liwanag na tamang-tama sa tapat ng aking ulo, higit pa sa liwanag ng [c]araw, na dahandahang bumaba hanggang sa ito ay pumalibot sa akin.

17 Hindi pa natatagalan nang ito'y lumitaw na natuklasan kong naligtas na ang aking sarili

12*a* 1 Cor. 2:10–16.
*b* GBK Biblia.
13*a* GBK Panalangin.
14*a* GBK Panalangin.
16*a* Moi. 1:20.
*b* Gawa 26:13.
*c* Apoc. 1:16.

mula sa kaaway na gumapos sa
akin. Nang tumuon sa akin ang
liwanag, [a]nakakita ako ng [b]da-
lawang Katauhan, na ang liwa-
nag at [c]kaluwalhatian ay hindi
kayang maisalarawan, nakatayo
sa hangin sa itaas ko. Ang isa sa
kanila ay nagsalita sa akin, tina-
tawag ako sa aking pangalan, at
nagsabi, itinuturo ang isa—*Ito
ang Aking [d]Pinakamamahal na
[e]Anak. Pakinggan Siya!*
18 Ang aking layunin sa [a]pag-
tatanong sa Panginoon ay
upang alamin kung alin sa lahat
ng sekta ang tama, upang mala-
man kung alin ang sasapian ko.
Hindi pa natatagalan, samakat-
wid, nang ako ay matauhan,
upang makapagsalita, nang
aking tanungin ang mga Katau-
han na nakatayo sa itaas ko sa
loob ng liwanag, kung alin sa
lahat ng sekta ang tama (sapag-
kat sa panahong ito hindi pa
kailanman pumasok sa aking
puso na ang lahat ay mali)—at
alin ang dapat kong sapian.
19 Sinagot ako na hindi ako
dapat sumapi sa alinman sa ka-
nila, sapagkat lahat sila ay [a]mali;
at ang Katauhan na kumausap
sa akin ay nagsabi na lahat ng
kanilang sinasampalatayanan ay
karumal-dumal sa kanyang pa-
ningin; na yaong mga guro ay
tiwaling lahat; na: "[b]lumalapit
sila sa akin sa pamamagitan ng
kanilang mga labi, subalit ang
kanilang mga [c]puso ay malayo
sa akin, itinuturo nila bilang mga
doktrina ang mga [d]kautusan ng
tao, na may [e]anyo ng kabanalan,
datapwat tinatanggihan ang
kapangyarihan nito."
20 Muli niya akong pinagba-
walang sumapi sa alinman sa
kanila; at marami pang ibang
bagay ang sinabi niya sa akin,
na hindi ko maaaring isulat sa
ngayon. Nang ako ay muling
matauhan, natagpuan ko ang
aking sarili na nakahiga, nakati-
ngin sa kalangitan. Nang mag-
laho ang liwanag, ako ay wala
nang lakas; subalit nang bahag-
yang bumuti-buti ang aking pa-
kiramdam agad akong umuwi.
At habang ako ay nakasandig sa
dapugan, ang aking ina ay nag-
tanong kung ano ang nangyari.
Sumagot ako, "Walang anuman,
maayos ang lahat—mabuti na
ang aking pakiramdam." Pag-
katapos ay sinabi ko sa aking
ina, "Nalaman ko para sa aking
sarili na ang Presbyterianismo
ay hindi totoo." Tila baga nala-
laman ng [a]kaaway, sa napakaa-
gang panahon ng aking buhay,

17*a* GBK Pangitain.
*b* Gawa 7:55–56; Col. 3:1. GBK Diyos, Panguluhang Diyos.
*c* GBK Kaluwalhatian.
*d* Mat. 3:17; 17:5; 3 Ne. 11:7.
*e* GBK Jesucristo.
18*a* D at T 6:11; 46:7.
19*a* Awit 14. GBK Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan—Lubusang pagtalikod sa katotohanan ng naunang Cristiyanong simbahan.
*b* Is. 29:13–14; Ez. 33:30–31.
*c* GBK Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan—Pangkalahatang lubusang pagtalikod sa katotohanan.
*d* Tit. 1:14; D at T 45:29.
*e* 2 Tim. 3:5.
20*a* GBK Diyablo.

na ako ay nakatalagang mapatunayang tagabulabog at tagasuya ng kanyang kaharian; kung hindi ay bakit nagsama-sama ang mga kapangyarihan ng kadiliman laban sa akin? Bakit lumitaw ang [b]pagsalungat at pag-uusig laban sa akin, halos sa aking kamusmusan?

*Ang ilang mangangaral at ibang mga dalubhasa ng relihiyon ay tinanggihan ang ulat ng Unang Pangitain—Ang pag-uusig ay nabunton kay Joseph Smith—Pinatunayan niya ang katotohanan ng pangitain. (Talata 21–26)*

21 Ilang araw pagkaraan ng [a]pangitain kong ito, nagkataong ako'y kasama ng isa sa mga mangangaral ng Methodist, na napakasigasig sa nabanggit na kaguluhan sa relihiyon; at, sa pakikipag-usap sa kanya sa paksa hinggil sa relihiyon, ginamit ko ang pagkakataon upang ibigay sa kanya ang salaysay ng naging pangitain ko. Labis akong nagulat sa kanyang inasal; hindi lamang niya itinuring ang aking isinalaysay nang gayun-gayon lamang, kundi lakip ang labis na pag-aalipusta, nagsasabing ang lahat ng ito ay sa diyablo, na wala nang ganoong mga bagay tulad ng mga [b]pangitain o [c]paghahayag sa panahong ito; na ang ganoong mga bagay ay lumipas na kasama ng mga apostol, at kailanman ay hindi na magkakaroon ng mga gayon.

22 Daglian kong natuklasan, gayon pa man, na ang pagsasabi ko ng salaysay ay pumukaw ng labis na kapinsalaan laban sa akin sa mga mangangaral ng relihiyon, at naging sanhi ng labis na [a]pag-uusig, na patuloy na lumubha; at bagaman ako ay [b]di kilalang bata na nasa pagitan lamang ng labing-apat at labinlimang taong gulang, at ang aking katayuan sa buhay ay gayon na lamang upang ituring na isang batang walang kahalagahan sa daigdig, gayon pa man ang matataas na tao ay sapat na nagbibigay-pansin upang pukawin ang isipan ng madla laban sa akin, at lumikha ng mapait na pag-uusig; at ito'y pangkaraniwan na sa lahat ng sekta—nagkaisa ang lahat upang usigin ako.

23 Naging sanhi ito ng mataman kong pagmumuni-muni noon, at kadalasan na magbuhat noon, lubos na nakapagtataka na ang isang di kilalang bata, humigit lamang ng kaunti sa labing-apat na taong gulang at isa rin, na nakatadhana sa pangangailangan nang pagkuha ng di sapat na ikabubuhay sa pamamagitan ng kanyang pangaraw-araw na gawain, ay dapat isiping isang katauhang may sapat na kahalagahan upang tumawag ng pansin sa mga tanyag na tao sa mga kilalang sekta sa panahong yaon, at sa pamamaraan upang lumik-

20*b* 2 Ne. 2:11; D at T 58:2–4. GBK Pagdurusa.
21*a* GBK Unang Pangitain.
*b* GBK Pangitain.
*c* GBK Paghahayag.
22*a* Sant. 5:10–11. GBK Usigin, Pag-uusig.
*b* 1 Sam. 16:7; Alma 37:35.

ha sa kanila ng damdamin ng pinakamapait na pag-uusig at panlalait. Subalit nakapagtataka o hindi, gayon nga ito, at ito ang kadalasang sanhi ng labis na kalungkutan sa aking sarili.

24 Gayon pa man, ito ay isang katotohanan na ako'y nakakita ng isang pangitain. Mula noon napag-isipan ko, na ako ay tulad ni [a]Pablo, nang [b]ipagtanggol niya ang kanyang sarili sa harapan ni Haring Agripa, at iniulat ang salaysay ng kanyang naging pangitain nang nakakita siya ng liwanag, at nakarinig ng isang tinig; ngunit kakaunti pa rin ang naniwala sa kanya; ang sabi ng ilan siya ay manlilinlang, ang sabi ng iba siya ay baliw; at siya ay kinutya at nilait. Subalit hindi nawasak ng lahat ng ito ang katotohanan ng kanyang pangitain. Nakakita siya ng pangitain, alam niyang nakakita siya, at hindi ito magagawang baguhin ng lahat ng pag-uusig sa silong ng langit; at bagaman inusig nila siya hanggang sa kamatayan gayon pa man, alam niya, at alam niya hanggang sa kanyang huling hininga, na siya ay nakakita ng liwanag at nakarinig ng tinig na nagsasalita sa kanya, at ang buong daigdig ay hindi siya mapag-iisip o mapaniniwala nang taliwas dito.

25 At gayon din ako. Ako'y tunay na nakakita ng liwanag, at sa gitna ng liwanag na yaon nakakita ako ng dalawang [a]Katauhan, at sa katotohanan kinausap nila ako; at bagaman kinamuhian ako at inusig dahil sa pagsasabi na nakakita ako ng pangitain, gayon man ito'y totoo; at habang ako'y kanilang inuusig, ako'y nilalait, at nagsasabi ng lahat ng uri ng kasamaan laban sa akin nang walang katotohanan sa pagsasabi nito, dahil dito ay nasabi ko sa aking puso: Bakit ako inuusig sa pagsasabi ng katotohanan? Ako ay tunay na nakakita ng pangitain; at sino ako na aking kakalabanin ang Diyos, o bakit iniisip ng sanlibutan na ipagkakaila ko ang tunay kong nakita? Sapagkat nakakita ako ng pangitain; ito'y alam ko, at nalalaman ko na ito ay alam ng Diyos, at ito'y hindi ko [b]maipagkakaila, ni tangkain kong gawin ito; at nalalaman ko na kung ito'y aking gagawin ay magkakasala ako sa Diyos, at mapapasailalim sa sumpa.

26 Ngayon ay palagay na ang aking isipan kung tungkol din lamang sa sekta ng mga relihiyon—na hindi ko katungkulang sumapi sa alinman sa kanila, kundi magpatuloy tulad ng dati hanggang sa maatasan. Napagalaman kong tama ang [a]patotoo ni Santiago—na ang isang taong nagkukulang ng karunungan ay maaaring humingi sa Diyos, at makatatamo, at hindi masusumbatan.

*Si Moroni ay nagpakita kay Joseph Smith—Ang pangalan ni Joseph*

24*a* GBK Pablo.
*b* Gawa 26:1–32.
25*a* JS—K 1:17.
*b* GBK Tapang, Matapang; Matapat, Katapatan.
26*a* Sant. 1:5–7.

*ay kikilalanin sa kabutihan at kasamaan sa lahat ng bansa—Sinabi ni Moroni sa kanya ang tungkol sa Aklat ni Mormon at sa darating na paghahatol ng Panginoon, at umulit ng maraming banal na kasulatan—Ang lugar na pinagtataguan ng mga laminang ginto ay ipinahayag—Si Moroni ay nagpatuloy na tagubilinan ang Propeta. (Talata 27–54.)*

27 Nagpatuloy ako sa aking pangkaraniwang gawain sa buhay hanggang sa ikadalawampu't isa ng Setyembre, isanlibo walong daan at dalawampu't tatlo, nagdurusa sa tuwina ng masidhing pag-uusig sa mga kamay ng lahat ng uri ng tao, kapwa relihiyoso at hindi relihiyoso dahil nagpatuloy akong nanindigan na nakakita ako ng pangitain.

28 Yaong panahong lumipas sa pagitan ng oras na nakakita ako ng pangitain at taong isanlibo walong daan at dalawampu't tatlo—na napagbawalang sumapi sa alinmang sekta ng relihiyon noon, at sapagkat napakabata pa, at inusig ng mga taong yaon na dapat sana'y aking mga kaibigan at magpakita sa akin ng kabutihan, at kung inakala nila na ako'y nalinlang na pinagsikapan sa wasto at sa paraang may pagmamahal upang bawiin ako—naiwan ako sa lahat ng uri ng [a]tukso; at, nakikisalamuha sa lahat ng uri ng lipunan, madalas akong makagawa ng maraming kamalian, at naipakita ang kahinaan ng kabataan, at ang mga kalokohan na likas sa tao; na ikinalulungkot kong sabihin, ang nagdala sa akin sa iba't ibang tukso, na hindi kasiya-siya sa paningin ng Diyos. Sa pagtatapat na ito, walang sinuman ang dapat magakala na ako ay nagkasala ng anumang mabigat o lubhang mapaminsalang mga kasalanan. Ang pagpapasiya na gumawa nito ay kailanma'y wala sa aking pagkatao. Subalit nagkasala ako ng kawalang-isip, at kung magkaminsan ay naugnay sa masasayang barkada, atbp., hindi tugma sa pagkatao na nararapat panatilihin ng isang [b]tinawag ng Diyos na tulad ko. Subalit ito ay hindi kataka-taka sa sinumang makaalaala sa aking kabataan, at nasanay sa aking likas na pagkamasayahin.

29 Bunga ng mga bagay na ito, madalas kong maramdaman na isinumpa ako dahil sa aking kahinaan at mga kamalian; nang, noong gabing nabanggit na ikadalawampu't isa ng Setyembre, matapos akong humiga sa aking higaan sa gabing yaon, ipinasiya sa aking sarili na [a]manalangin at magsumamo sa Pinakamakapangyarihang Diyos para sa kapatawaran ng lahat ng aking kasalanan at mga kalokohan, at para rin sa isang pagpapatunay sa akin, upang malaman ko ang aking kalagayan at katayuan sa harapan niya; sapagkat buo ang aking pagtitiwala na magtatamo ng banal na pagpapatunay, tulad ng dati.

28*a* GBK Tukso, Panunukso.
*b* GBK Tawag, Tinawag ng Diyos, Pagkakatawag.
29*a* GBK Panalangin.

30 Habang ako ay nasa gano-
ong ayos ng pagtawag sa Diyos,
natuklasan kong may liwanag
na lumitaw sa aking silid, na
patuloy na nag-iibayo hanggang
sa ang silid ay magliwanag nang
higit pa kaysa katanghaliang
tapat, nang ang isang [a]katauhan
ay biglang lumitaw sa tabi ng
aking higaan, nakatayo sa ha-
ngin, dahil ang kanyang mga
paa ay hindi sumasayad sa sahig.
31 Siya ay nakasuot ng isang
maluwag na bata na napaka-
tingkad ang [a]kaputian. Iyon ay
kaputiang higit kaysa anumang
bagay sa lupa na nakita ko na;
anupa't ako'y hindi naniniwala
na mayroon pang bagay sa lupa
na maaaring lumitaw na higit
pa sa roon ang kaputian at ning-
ning. Ang kanyang mga kamay
ay nakalantad, at gayon din ang
kanyang mga braso na mataas
nang kaunti sa galanggalangan;
at gayon din ang kanyang mga
paa ay walang mga sapin, ma-
ging ang kanyang mga binti, na
mataas nang kaunti sa bukung-
bukong. Ang kanyang ulo at
leeg ay nakalantad din. At na-
pagwari kong wala siyang ibang
kasuotan maliban sa bata, sa-
pagkat ito ay bukas, kaya't na-
kikita ko ang kanyang dibdib.
32 Hindi lamang ang kanyang
bata ang may napakatingkad na
kaputian, ang kanyang buong
katauhan ay may [a]kaluwalhati-
ang di kayang ilarawan, at ang
kanyang kaanyuan ay tunay na
parang [b]kidlat. Ang silid ay lub-
hang maliwanag, subalit hindi
kasingningning ng nakapaligid
sa kanyang katauhan. Nang una
ko siyang tingnan, ako ay [c]nata-
kot; subalit ang takot ay kaagad
ding nawala sa akin.
33 Ako'y tinawag niya sa aking
[a]pangalan, at sinabi niya na si-
ya'y isang sugo na nagbuhat sa
kinaroroonan ng Diyos na pina-
parito sa akin; na ang kanyang
pangalan ay Moroni; na ang
Diyos ay may gawaing ipaga-
gawa sa akin; at ang aking pa-
ngalan ay makikilala sa kabuti-
han at kasamaan sa lahat ng
bansa, lahi, at wika, o magiging
mabuti at masama sa usap-
usapan ng lahat ng tao.
34 Sinabi niya na may nakala-
gak na isang [a]aklat, na nakasulat
sa mga laminang [b]ginto, na
nagbibigay-ulat tungkol sa mga
dating naninirahan sa lupalop
na ito, at kung saan sila nagbu-
hat. At kanya ring sinabi na ang
[c]kabuuan ng walang hanggang
Ebanghelyo ay napapaloob dito,
gaya ng ibinigay na ng Taga-
pagligtas sa mga sinaunang tao;
35 Gayundin, may dalawang
bato sa mga balantok na pilak—
at ang mga batong ito, na naka-
kabit sa isang [a]baluti sa dibdib,

30*a* GBK Anghel, Mga; Moroni, Anak ni Mormon.
31*a* Gawa 10:30; 1 Ne. 8:5; 3 Ne. 11:8.
32*a* 3 Ne. 19:25. GBK Kaluwalhatian.
*b* Ex. 34:29–35; Hel. 5:36; D at T 110:3.
*c* Ex. 3:6; Eter 3:6–8, 19.
33*a* Ex. 33:12, 17; Is. 45:3–4.
34*a* GBK Aklat ni Mormon.
*b* GBK Laminang Ginto, Mga.
*c* GBK Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo.
35*a* Lev. 8:8. GBK Baluti sa Dibdib.

ay siyang bumubuo ng tinatawag na [b]Urim at Tummim—na nakalagak na kasama ng mga lamina; at ang pagmamay-ari at paggamit ng mga batong ito ay siyang kabuuan ng mga [c]"tagakita" noong sinauna o nakaraang panahon; at ang mga yaon ay inihanda ng Diyos sa layuning maisalin ang aklat.

36 Matapos sabihin sa akin ang mga bagay na ito, sinimulan niyang ulitin ang mga propesiya sa [a]Lumang Tipan. Una niyang inulit ang bahagi sa ikatlong kabanata ng [b]Malakias; at inulit din niya ang ikaapat o huling kabanata sa yaon ding propesiya, bagaman may kaunting pagkakaiba sa kung paano ito mababasa sa ating mga Biblia. Sa halip na ulitin ang unang talata tulad ng mababasa sa ating mga aklat, inulit niya ito nang ganito:

37 *Masdan, ang [a]araw ay dumarating na [b]nagniningas na parang hurno, at ang lahat ng palalo, oo, at ang lahat na nagsisigawa ng kasamaan ay masusunog na parang [c]dayami; sapagkat yaong mga darating ang magsusunog sa kanila, wika ng Panginoon ng mga Hukbo, na anupa't hindi mag-iiwan sa kanila ng kahit ugat ni sanga man.*

38 At muli, inulit niya ang ikalimang talata nang ganito: *Masdan, ihahayag ko sa inyo ang [a]Pagkasaserdote, sa pamamagitan ng kamay ni [b]Elijah, ang propeta, bago dumating ang dakila at kakilakilabot na araw ng Panginoon.*

39 Kakaiba rin niyang inulit ang sumusunod na talata: *At kanyang itatanim sa mga puso ng mga anak ang mga [a]pangakong ginawa sa mga ama, at ang mga puso ng mga anak ay [b]babaling sa kanilang mga ama. Kung hindi magkagayon, ang buong mundo ay lubos na mawawasak sa kanyang pagparito.*

40 Bilang karagdagan sa mga ito, inulit niya ang ikalabingisang kabanata ng Isaias, at sinasabing malapit na itong matupad. Inulit din niya ang ikatlong kabanata ng Mga Gawa, ikadalawampu't dalawa at ikadalawampu't tatlong talata, na walang pagkakaiba sa mababasa natin sa Bagong Tipan. Sinabi niya na ang [a]propetang yaon ay si Cristo; subalit hindi pa dumarating ang araw na "sila na hindi makikinig sa kanyang tinig ay [b]pupuksaing lubos mula sa mga tao," ngunit malapit nang dumating.

41 Inulit din niya ang ikalawang kabanata ng [a]Joel, mula

35*b* Ex. 28:30. GBK Urim at Tummim.
*c* GBK Tagakita.
36*a* GBK Lumang Tipan.
*b* GBK Malakias.
37*a* GBK Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.
*b* 3 Ne. 25:1–6; D at T 64:23–24. GBK Mundo—Paglilinis ng mundo; Daigdig—Katapusan ng daigdig.
*c* Nah. 1:8–10; 1 Ne. 22:15, 23; 2 Ne. 26:4–6; D at T 29:9.
38*a* GBK Susi ng Pagkasaserdote, Mga; Pagkasaserdote.
*b* D at T 27:9; 110:13–16. GBK Elijah.
39*a* Gal. 3:8, 19.
*b* GBK Talaangkanan; Kaligtasan para sa mga Patay.
40*a* Deut. 18:15–19.
*b* 3 Ne. 20:23; 21:20.
41*a* Gawa 2:16–21.

sa ikadalawampu't walong talata hanggang sa huli. Sinabi rin niya na hindi pa ito natutupad, ngunit malapit na. At sinabi pa niya na ang kaganapan ng mga [b]Gentil ay nalalapit na. Marami pa siyang inulit na iba pang sipi sa banal na kasulatan, at nagbigay ng maraming paliwanag na hindi maaaring banggitin dito.

42 Muli, sinabi niya sa akin, na kapag nakuha ko na ang mga lamina na kanyang binanggit—sapagkat ang panahon sa pagkuha nito ay hindi pa sumasapit—ay hindi nararapat na ang mga yaon ay ipakita ko kahit kanino mang tao; maging ang baluti sa dibdib na kasama ng Urim at Tummim; doon lamang sa kanila na ipag-uutos sa akin na pagpapakitaan ko ng mga yaon; at kung ipakikita ko roon sa mga hindi dapat makakita, ako ay mapaririwara. At habang nakikipag-usap siya sa akin tungkol sa mga lamina, ang pangitain ay nabuksan sa aking [a]isip at nakita ko ang pook na kinalalagakan ng mga lamina, at iyon ay naging napakalinaw at namumukod-tangi kaya't natukoy kong muli ang pook nang dalawin ko ito.

43 Pagkatapos ng pag-uusap na ito, ang liwanag sa silid ay nakita kong kaagad na nagsimulang matipon sa paligid ng taong nakipag-usap sa akin, at ito ay nagpatuloy hanggang sa ang silid ay muling magdilim, maliban sa malapit sa paligid niya; nang biglang makita ko, na waring isang lagusan ang nabuksan paakyat sa langit, at siya ay pumaitaas hanggang sa tuluyang maglaho, at ang silid ay naiwang kagaya nang una noong hindi pa lumilitaw ang makalangit na liwanag.

44 Sa aking pagkakahiga, ako ay nagnilay-nilay sa natatanging tagpo, at lubhang namangha sa mga sinabi sa akin nitong di pangkaraniwang sugo; nang sa gitna ng aking [a]pagbubulay-bulay, bigla kong natuklasan na ang aking silid ay nagsisimula na namang lumiwanag, at sa isang iglap, kagaya noon, ang makalangit na sugo ring yaon ay nasa tabi na naman ng aking higaan.

45 Nagsimula siya, at isinalaysay niyang muli ang ganoon ding mga bagay na ginawa na niya noong una niyang pagdalaw, na walang anumang pagkakaiba; at pagkatapos noon, ipinaalam niya sa akin ang dakilang paghuhukom na darating sa lupa, na may malaking kalagiman sa pamamagitan ng taggutom, espada, at salot; at ang kalunus-lunos na paghuhukom na ito ay darating sa lupa sa kasalukuyang salinlahi. Matapos isalaysay ang mga bagay na ito, muli siyang pumaitaas kagaya nang ginawa niya noong una.

46 Sa mga sandaling iyon, sapagkat malalim ang pagkakakintal noon sa aking isipan, kung kaya't ang antok ay napa-

41*b* Rom. 11:11–25; D at T 88:84. GBK Gentil, Mga.
42*a* GBK Isipan.
44*a* GBK Pagbulay-bulay.

lis sa aking mga mata, at ako'y tuluyang nagupo sa pagkakamangha sa aking mga nakita at narinig. Subalit ganoon na lamang ang aking pagkabigla nang muli kong makita ang sugo ring yaon sa tabi ng aking higaan, at marinig na muli niyang inuusal at sinasabi sa akin ang mga binanggit niya noong una; at nagdagdag ng babala sa akin, at sinabi sa akin na susubukin akong [a]tuksuhin ni [b]Satanas (sa kadahilanang ang mag-anak ng aking ama ay maralita), na kunin ang mga lamina upang magpayaman. Dito ay pinagbawalan niya ako, at sinabi na wala akong dapat na maging layunin sa pagkuha ng mga lamina maliban sa ikaluluwalhati ng Diyos, at maudyukan ng ano pa mang [c]layunin sa pagtatayo ng kanyang kaharian; kung hindi ay di ko makukuha ang mga yaon.

47 Matapos ang pangatlong pagdalaw na ito, ay muli siyang pumaitaas sa langit tulad ng dati, at ako ay naiwan na namang nagbubulay-bulay sa mga di pangkaraniwang pangyayaring kararanas ko lamang; nang halos kaagad-agad pagkatapos pumaitaas ang makalangit na sugo sa ikatlong ulit, ay tumilaok ang tandang, at napagalaman ko na mag-uumaga na, kung kaya't ang aming paguusap ay maaaring inabot ng magdamag.

48 Di naglaon ay bumangon ako sa aking higaan, at tulad ng dati ay nagtungo sa mga gawaing kinakailangan sa araw na iyon; subalit sa pagtatangka kong gumawa gaya ng mga ibang pagkakataon, ay napansin kong ang aking lakas ay naglaho kaya ako'y lubusang nawalan ng kakayahan. Ang aking ama na noon ay gumagawang kasama ko ay napunang may bumabagabag sa akin, at pinagsabihan ako na umuwi na. Tumalima ako na may layuning umuwi ng bahay; subalit sa aking pagtatangkang tumawid ng bakod palabas sa bukid na kinaroroonan namin, ay tuluyang nawala ang aking lakas, at ako ay bumagsak sa lupa na nanghihina, at ilang sandali ring nawalan ng kamalayan sa anumang bagay.

49 Ang tinig na nagsasalita sa akin, tinatawag ako sa aking pangalan ang unang bagay na naalaala ko. Tumingala ako, at nakita ko ang sugo ring yaon, na nakatayo sa aking ulunan, at napalilibutan ng liwanag tulad noong una. Muli niyang isinalaysay sa akin ang mga isinalaysay na niya noong nakaraang gabi, at inutusan ako na magtungo sa aking [a]ama at sabihin ang pangitain at ang mga kautusang natanggap ko.

50 Sumunod ako; at ako'y nagbalik sa aking ama sa bukid, at inilahad ko sa kanya ang buong pangyayari. Tumugon siya sa akin na yaon ay sa Diyos,

46*a* GBK Diyablo.
*b* GBK Tukso, Panunukso.
*c* D at T 121:37.
49*a* GBK Smith, Joseph, Sr.

at sinabihan ako na humayo at sundin ang iniuutos ng sugo. Nilisan ko ang bukid, at ako'y nagtungo sa pook na sinabi sa akin ng sugo na pinaglalagakan ng mga lamina; at dahil sa pamumukod-tangi ng pangitain ko tungkol sa bagay na ito, ay natukoy ko kaagad ang pook pagdating ko roon.

51 Malapit sa nayon ng Manchester, Ontario County, New York, ay isang [a]burol na may kalakihan at siyang pinakamataas sa buong kapaligiran. Sa dakong kanluran ng burol na ito, di kalayuan sa tuktok, sa ilalim ng isang batong may kalakihan ay nakalatag ang mga laminang nakalagak sa isang kahong bato. Ang batong ito ay makapal at pabilog sa may bandang gitnang itaas, at papanipis tungo sa mga gilid, kung kaya't ang gitnang bahagi nito ay nakikita sa ibabaw ng lupa, subalit ang gilid sa palibot ay natatabunan ng lupa.

52 Matapos kong maalis ang lupa, ay kumuha ako ng panikwas, at aking iniayos sa ilalim ng gilid ng bato, at sa kaunting pag-iinot ay naiangat. Tiningnan ko ang loob at nakita ko, naroroon nga ang mga [a]lamina, ang [b]Urim at Tummim at ang [c]baluti sa dibdib kagaya ng sinabi ng sugo. Ang kahon na kinalalagyan ng mga iyon ay niyari sa pamamagitan ng paglalatag ng mga bato at pagdirikit sa mga ito ng mga sangkap na may uring semento. Sa ilalim ng kahon ay nakalatag ang dalawang bato na pahalang sa kahon, at sa mga batong ito nakapatong ang mga lamina at ang iba pang mga bagay na kasama nito.

53 Tinangka kong ilabas ang mga yaon, ngunit ako'y pinagbawalan ng sugo, at muling pinagsabihan na ang panahon ng paglalabas nito ay hindi pa dumarating, at hindi pa darating, hanggang sa makalipas ang apat na taon magmula sa panahong yaon; subalit pinagsabihan niya ako na kinakailangang magtungo ako sa pook na yaon sa ganap na isang taon mula sa panahong iyon, at doon ay makikipagtagpo siya sa akin, at ako ay kinakailangang magpatuloy na gawin ang gayon hanggang sa sumapit ang panahong maaari nang kunin ang mga lamina.

54 Kagaya ng ipinag-uutos sa akin, ako ay pumaparoon tuwing katapusan ng bawat taon, at sa tuwina ay natatagpuan ko roon ang sugo ring iyon, at tumatanggap ako ng tagubilin at kaalaman tuwing kami'y mag-uusap, tungkol sa kung ano ang gagawin ng Panginoon, at kung paano at sa anong paraan ang kanyang [a]kaharian ay pangangasiwaan sa mga huling araw.

*Pinakasalan ni Joseph Smith si Emma Hale—Natanggap niya ang mga laminang ginto mula kay Mo-*

51*a* GBK Cumorah, Burol ng.
52*a* Morm. 6:6. GBK Laminang Ginto, Mga.
*b* GBK Urim at Tummim.
*c* GBK Baluti sa Dibdib.
54*a* GBK Kaharian ng Diyos o Kaharian ng Langit.

*roni at isinalin ang ilan sa nakaukit—Ipinakita ni Martin Harris ang mga nakaukit at pagsasalin kay Prof. Anthon, na nagsabing: "Hindi ko mababasa ang isang aklat na natatatakan." (Talata 55–65).*

55 Dahil sa hikahos na katayuan ng aking ama, kailangan naming gumawa sa pamamagitan ng aming mga kamay, namamasukan sa mga gawaing arawan at iba pa, hangga't makakukuha kami ng pagkakataon. Kung minsan ay nasa tahanan kami at kung minsan ay nasa ibang lugar, at sa pamamagitan ng patuloy na paggawa ay nakatamo ng maginhawang kabuhayan.

56 Noong taong 1823 ang mag-anak ng aking ama ay naharap sa isang matinding dalamhati dahil sa pagkamatay ng aking pinakamatandang kapatid na lalaki, si [a]Alvin. Noong buwan ng Oktubre, 1825, namasukan ako sa isang matandang ginoo na nagngangalang Josiah Stoal, na naninirahan sa Chenango County, Estado ng New York. Nakarinig siya ng tungkol sa isang minahan ng pilak na binuksan ng mga Kastila sa Harmony, Susquehanna County, Estado ng Pennsylvania; at bago ang aking pamamasukan sa kanya, ay naghuhukay, upang kung maaari, ay matuklasan ang minahan. Matapos akong sumamang manirahan sa kanya, kinuha niya ako, kasama ang iba pa niyang mga tauhan, upang maghukay sa minahan ng pilak, kung saan ako nagpatuloy na gumawa nang halos isang buwan, na walang tagumpay sa aming ginagawa, at sa wakas ay napahinuhod ang matandang ginoo na itigil na ang paghuhukay rito. Doon nagsimula ang laganap na kuwento ng aking pagiging isang tagahukay ng salapi.

57 Sa panahon ng aking pamamasukan, nangasera ako kay Ginoong Isaac Hale, ng pook na yaon; doon ko unang nasilayan ang aking asawa (ang kanyang anak), si [a]Emma Hale. Noong ika-18 ng Enero, 1827, ikinasal kami, habang namamasukan ako kay Ginoong Stoal.

58 Dahil sa aking patuloy na paninindigan na ako ay nakakita ng isang pangitain, patuloy akong sinundan ng [a]pag-uusig, at ang mag-anak ng ama ng aking asawa ay labis na sumasalungat sa aming pagpapakasal. Kaya nga, ako ay napasailalim sa pangangailangan na dalhin siya sa ibang lugar; dahil dito, kami ay umalis at nagpakasal sa bahay ni Squire Tarbill, sa South Bainbridge, Chenango County, New York. Pagkatapos na pagkatapos ng aming kasal, nagbitiw ako kay Ginoong Stoal, at nagtungo sa aking ama, at kasama niyang nagsaka nang panahong yaon.

59 Sa tinagal-tagal ay dumating ang panahon upang kunin ang mga lamina, ang Urim at

56*a* D at T 137:5–8.
57*a* GBK Smith, Emma Hale.
58*a* GBK Usigin, Pag-uusig.

Tummim, at ang baluti sa dibdib. Noong ikadalawampu't dalawa ng Setyembre, isanlibo walong daan at dalawampu't pito, matapos akong magtungo gaya ng nakaugalian sa katapusan ng isa pang taon sa pook na kinalalagakan ng mga yaon, ay ibinigay sa akin ang mga iyon ng nasabi ring makalangit na sugo, at nagtagubilin nang ganito: Na ako ang may pananagutan sa mga yaon; na kung ang mga ito'y mawawala dahil sa kawalang-ingat, o dahil sa aking [a]kapabayaan, ako ay iwawaksi; subalit kung aking gagawin ang lahat ng pagsisikap upang ang mga ito ay [b]maingatan, hanggang kunin niya, ang sugo, ang mga ito, ito ay pangangalagaan.

60 Agad kong napag-alaman ang dahilan kung bakit tumanggap ako ng ganoong kahigpit na mga tagubilin na pakaingatan ang mga yaon, at kung bakit sinabi ng sugo na kung matupad ko ang mga nararapat kong gawin na iniatang sa aking mga kamay, ay kukunin niya ang mga yaon. Sapagkat hindi pa gaanong nagtatagal na nabunyag na ang mga yaon ay nasa akin, ay isang walang tigil na pamimilit ang ginamit upang ang mga yaon ay maagaw sa akin. Lahat ng pakana na maaaring gawin ay ginamit sa ganoong layunin. Ang pag-uusig ay higit na naging mapait at matindi kaysa noong una, at ang mga tao ay laging nakahanda upang makuha sa akin kung maaari ang mga yaon. Subalit sa karunungan ng Diyos, yaon ay nanatiling ligtas sa aking mga kamay, hanggang sa matapos ko ang mga kinakailangan na iniatang sa aking mga kamay. Alinsunod sa napagkasunduan, nang hingin ng sugo ang mga iyon ay ibinigay ko yaon sa kanya; at ang mga yaon ay nasa kanyang pag-iingat magpahanggang sa araw na ito, na ikalawang araw ng Mayo, isanlibo walong daan at tatlumpu't walo.

61 Ang kaguluhan, gayon man, ay nagpatuloy pa rin, at ang usap-usapan lakip ang isanlibo niyang dila ay buong panahong nagpapalaganap ng mga kasinungalingan tungkol sa maganak ng aking ama, at tungkol sa aking sarili. Kung ilalahad ko ang isa sa isanlibong bahagi ng mga yaon, ay makapupuno ng mga aklat. Ang pag-uusig, gayon man, ay umabot na sa kasukdulan na napilitan akong umalis sa Manchester, at kasama ang aking asawa ay nagtungo sa purok ng Susquehanna, sa estado ng Pennsylvania. Habang naghahandang lumisan—sa labis na kahirapan, at napakabigat na pag-uusig sa amin na wala ng pagkakataon upang magkaroon ng pagbabago sa amin—sa gitna ng aming mga paghihirap ay nakakita kami ng kaibigan sa isang ginoong

59*a* JS—K 1:42.
*b* GBK Banal na Kasulatan, Mga—Mga banal na kasulatan dapat pangalagaan.

nagngangalang [a]Martin Harris, na nagtungo sa amin at nagbigay sa akin ng limampung dolyar upang makatulong sa aming paglalakbay. Si Ginoong Harris ay naninirahan sa kabayanan ng Palmyra, Wayne County, sa estado ng New York, at isang iginagalang na magsasaka.

62 Dahil sa napapanahong tulong na ito ay nagawa kong makarating sa lugar na aking paroroonan sa Pennsylvania; at agad-agad pagkarating ko roon ay sinimulan kong sipiin ang mga titik mula sa mga lamina. Nakasipi ako ng maramiraming bilang nito, at sa pamamagitan ng [a]Urim at Tummim isinalin ko ang ilan sa kanila, na aking ginawa sa pagitan ng panahong dumating ako sa bahay ng ama ng aking asawa, sa buwan ng Disyembre, at ng sumunod na Pebrero.

63 Isang araw sa buwan ng Pebrero, ang nabanggit na si Ginoong Martin Harris ay dumating sa aming lugar, kinuha ang mga titik na naiguhit ko mula sa mga lamina, at dinala ang mga yaon sa lunsod ng New York. Kung ano man ang naganap sa kanya at sa mga titik, ihaharap ko ang sarili niyang salaysay ng mga pangyayari, ayon sa mga inilahad niya sa akin pagkabalik niya, ito ang mga sumusunod:

64 "Nagtungo ako sa lunsod ng New York, at ipinakita ang mga titik na naisalin na, lakip ang pagkakasalin nito, kay Profesor Charles Anthon, isang tanyag na ginoo dahil sa kanyang kakayahang pampanitikan. Sinabi ni Profesor Anthon na wasto ang pagkakasalin, higit pa sa alinmang isinalin mula sa wikang Egipto na nakita na niya. Pagkatapos ay ipinakita ko sa kanya yaong mga hindi pa naisasalin, at sinabi niya na ang mga ito ay mga nasa wikang Egipto, Caldeo, Asiria, at Arabo; at sinabi niya na tunay na mga titik ang mga yaon. Binigyan niya ako ng isang katibayan, na nagpapatunay sa mga taga-Palmyra na tunay na mga titik ang mga yaon, at ang pagkakasalin ng mga yaong naisalin na ay wasto rin. Kinuha ko ang katibayan at isinilid ito sa aking bulsa, at papaalis na sa kabahayan, nang muli akong tawagin ni Ginoong Anthon, at tinanong ako kung paano natuklasan ng kabataang lalaki na may mga laminang ginto sa lugar na kinatagpuan niya nito. Sumagot ako na isang anghel ng Diyos ang naghayag nito sa kanya.

65 "Pagkatapos ay sinabi niya sa akin, 'Maaari ko bang makita ang katibayang iyan.' Alinsunod dito, kinuha ko ito sa aking bulsa at ibinigay sa kanya, nang kinuha niya ito at puniting pirapiraso, sinasabing wala nang gayong bagay tulad ng paglilingkod ng mga [a]anghel sa ngayon, at kung dadalhin ko ang mga lamina sa kanya ay isasalin niya ang mga ito. Ipinaalam ko sa kanya na isang bahagi ng

61*a* D at T 5:1.
GBK Harris, Martin.

62*a* GBK Urim at Tummim.

65*a* GBK Anghel, Mga.

mga lamina ay [b]mahigpit na nakasara, at pinagbawalan akong dalhin ang mga yaon. Tumugon siya, 'Hindi ako makababasa ng isang aklat na mahigpit na nakasara.' Iniwan ko siya at nagtungo kay Doktor Mitchell, na pinatibayan ang sinabi ni Profesor Anthon hinggil sa mga titik at pagkakasalin."

. . . .

*Naglingkod si Oliver Cowdery bilang tagasulat sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon—Natanggap nina Joseph at Oliver ang Pagkasaserdoteng Aaron mula kay Juan Bautista—Sila ay nabinyagan, naordenan, at natanggap ang diwa ng propesiya. (Talata 66–75.)*

66 Noong ika-5 araw ng Abril, 1829, dumating si [a]Oliver Cowdery sa aking tahanan, kailanma'y hindi ko pa siya nakita kundi noon lamang. Sinabi niya sa akin na sa pagtuturo sa paaralan na malapit sa lugar na tinitirahan ng aking ama, at ang aking ama bilang isa sa mga nagpadala sa paaralan, siya ay nagtungo upang mangasera ng ilang panahon sa kanyang bahay, at habang naroroon ay inilahad ng mag-anak sa kanya ang mga pangyayari sa pagkakatanggap ko ng mga lamina, at alinsunod dito ay nagtungo siya upang magtanong sa akin.

67 Dalawang araw pagkarating ni Ginoong Cowdery (noong ika-7 ng Abril) sinimulan kong isalin ang Aklat ni Mormon, at nagsimula siyang magsulat para sa akin.

. . . .

68 Ipinagpatuloy pa rin namin ang gawain ng pagsasalin, nang, isang araw ng sumunod na buwan (Mayo, 1829), kami ay nagtungo sa kakahuyan upang manalangin at magtanong sa Panginoon hinggil sa [a]pagbibinyag para sa [b]kapatawaran ng mga kasalanan, na natagpuan naming nabanggit sa pagkakasalin ng mga lamina. Habang kami ay nasa gayong ayos, nananalangin at nananawagan sa Panginoon, isang [c]sugo mula sa langit ang bumaba sa isang [d]ulap ng liwanag, at habang nakapatong ang kanyang mga [e]kamay sa amin, [f]inordenan niya kami, sinasabing:

69 *Sa inyo na aking kapwa tagapaglingkod, sa pangalan ng Mesiyas, aking iginagawad ang [a]Pagkasaserdoteng Aaron, na may hawak ng mga susi ng paglilingkod ng mga anghel, at ng ebanghelyo ng pagsisisi, at ng pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan; at ito ay hindi na muling kukunin sa mundo, hanggang sa ang mga anak na lalaki ni [b]Levi*

65*b* Is. 29:11–12; 2 Ne. 27:10; Eter 4:4–7.
66*a* GBK Cowdery, Oliver.
68*a* GBK Pagbibinyag, Binyagan.
*b* GBK Kapatawaran ng mga Kasalanan.
*c* GBK Juan Bautista.
*d* Blg. 11:25; Eter 2:4–5, 14; D at T 34:7.
*e* S ng P 5. GBK Kamay, Pagpapatong ng mga.
*f* GBK Karapatan; Ordenan, Pag-oorden.
69*a* GBK Pagkasaserdoteng Aaron.
*b* Deut. 10:8; D at T 13; 124:39. GBK Levi—Ang lipi ni Levi.

*ay mag-alay muli ng handog sa*
*Panginoon sa kabutihan.*
70 Sinabi niya na ang Pagka-
saserdoteng Aaron na ito ay
walang kapangyarihan ng pag-
papatong ng mga kamay para
sa [a]kaloob na Espiritu Santo,
subalit ito'y igagawad sa amin
pagkaraan nito; at inutusan niya
kami na humayo at magpabin-
yag, at nagbigay sa amin ng ta-
gubilin na dapat kong binya-
gan si Oliver Cowdery, at pag-
katapos ay dapat niya akong
binyagan.
71 Alinsunod dito, humayo
kami at nabinyagan. Una ko si-
yang bininyagan, at pagkatapos
ay bininyagan niya ako—ma-
tapos ito ay ipinatong ko ang
aking mga kamay sa kanyang
ulo at inordenan siya sa Pag-
kasaserdoteng Aaron, at pag-
katapos ay ipinatong niya ang
kanyang mga kamay sa akin at
inordenan ako sa yaon ding
Pagkasaserdote—sapagkat sa
gayon kami inutusan.*
72 Ang sugo na dumalaw sa
amin sa pagkakataong ito at
naggawad sa amin ng Pagkasa-
serdoteng ito, ay nagsabi na
Juan ang kanyang pangalan,
siya ring tinatawag na [a]Juan
Bautista sa Bagong Tipan, at na
siya ay kumikilos sa ilalim ng
tagubilin nina [b]Pedro, [c]Santia-
go at [d]Juan, na may hawak ng
mga [e]susi ng Pagkasaserdoteng
[f]Melquisedec, na kung aling
Pagkasaserdote, sinabi niya, ay
igagawad sa amin sa takdang
panahon, at ako ay dapat tawa-
ging ang Unang [g]Elder ng Sim-
bahan, at siya (Oliver Cowdery)
ang pangalawa. Ito ay noong
ikalabinlimang araw ng Mayo,
1829, na kami ay inordenan sa
ilalim ng mga kamay ng sugong
ito, at nabinyagan.
73 Agad-agad sa pag-ahon na-
min sa tubig matapos kaming

* Inilarawan ni Oliver Cowdery ang mga pangyayari nang ganito: "Ang mga araw na ito ay hindi maaaring malimutan—ang maupo sa ilalim ng tinig na dinidiktahan ng inspirasyon sa langit, pinukaw ng isang sukdulang pasasalamat ang pusong ito! Sa araw-araw ako ay nagpatuloy, nang walang umaabala, na magsulat mula sa kanyang bibig, habang isinasalin niya sa pamamagitan ng Urim at Tummim, o gaya ng sinasabi ng mga Nephita, 'Mga Tagasalin,' ang kasaysayan o talaang tinatawag na 'Ang Aklat ni Mormon.'

"Ang bigyang-pansin, maging sa ilang salita, ang kawili-wiling ulat na ibinigay ni Mormon at ng kanyang matapat na anak, na si Moroni, na tungkol sa isang pangkat ng mga tao na minsan ay minahal at pinagpala ng langit, ay makalalabis sa aking balakin sa ngayon; kaya nga ipagpapaliban ko muna ito sa darating na panahon, at gaya ng aking nabanggit sa pambungad, higit na tatalakay sa ilang pangyayari na tuwirang nag-uugnay sa simula ng Simbahang ito, na maaaring maging kawili-wili sa ilang libong nagsilapit, sa gitna ng hindi pagsang-ayon ng mga bulag na tagasunod at paninirang-puri ng mga mapagkunwari, at tinanggap ang Ebanghelyo ni Cristo.

70*a* GBK Kaloob na Espiritu Santo.
72*a* GBK Juan Bautista.
*b* D at T 27:12–13. GBK Pedro.
*c* GBK Santiago, Anak ni Zebedeo.
*d* GBK Juan, Anak ni Zebedeo.
*e* GBK Susi ng Pagkasaserdote, Mga.
*f* GBK Pagkasaserdoteng Melquisedec.
*g* GBK Elder.

mabinyagan, nakaranas kami ng dakila at maluwalhating mga pagpapala mula sa ating Ama sa Langit. Hindi pa natatagalan nang mabinyagan ko si Oliver Cowdery, nang napasakanya ang [a]Espiritu Santo, at tumayo siya at [b]nagpropesiya ng maraming bagay na di maglalaon ay mangyayari. At muli, hindi pa natatagalan matapos niya akong mabinyagan, ako rin ay nagkaroon ng diwa ng propesiya, nang, sa pagtayo, nagpropesiya ako hinggil sa paglaganap ng Simbahang ito, at marami pang ibang bagay na nauugnay sa Simbahan, at sa salinlahing ito ng mga anak ng tao. Napuspos kami ng Espiritu Santo, at nagsaya sa Diyos ng aming kaligtasan.

74 Ngayong naliwanagan na ang aming mga isipan, nagsimulang mabuksan sa aming mga [a]pang-unawa ang mga banal na kasulatan, at ang [b]tunay na kahulugan at layunin ng higit na mahiwaga nilang mga sipi ay inihayag sa amin sa isang pamamaraan na hindi namin kailanman naabot noong una, ni hindi namin naisip ito noon. Samantala, napilitan kaming ipaglihim ang mga pangyayari sa pagkakatanggap ng Pagkasaserdote at ng aming pagkakabinyag, sanhi sa diwa ng pag-uusig na makikita sa aming purok.

75 Binantaan kaming durumugin, manaka-naka, at ito, rin, ng mga mangangaral ng relihiyon. At ang kanilang mga tangkang dumugin kami ay nahadlangan lamang dahil sa impluwensiya ng mag-anak ng ama ng aking asawa (sa ilalim ng awa at tulong ng Diyos), na naging napakabait sa akin, at tumututol sa mga mandurumog, at sumasang-ayon na ako ay pahintulutang magpatuloy sa gawain ng pagsasalin nang walang abala; at kaya nga nag-alok at nangako sa amin na pangangalagaan mula sa lahat ng hakbang na labag sa batas, sa abot ng kanilang makakaya.

"Walang sinuman, sa kanilang mahinahong pag-iisip, ang makapagsasalin at makapagsusulat ng mga tagubilin na ibinigay sa mga Nephita mula sa bibig ng Tagapagligtas, sa wastong pamamaraan kung paano itatayo ng tao ang Kanyang Simbahan, at lalung-lalo na't ang katiwalian ay nagpalaganap ng pag-aalinlangan sa lahat ng kaayusan at mga pamamaraang isinasagawa sa tao, nang hindi maghahangad ng pribilehiyong maipakita ang kahandaan ng puso sa pamamagitan ng paglilibing sa likidong libingan, upang makasagot ng may 'malinis na budhi sa pamamagitan ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesucristo.'

"Matapos isulat ang ulat na ibinigay hinggil sa ministeryo ng Tagapagligtas sa labi ng mga binhi ni Jacob, sa lupalop na ito, madaling makita, gaya ng sinabi ng propeta, na ang kadiliman ay bumalot sa mundo at labis na kadiliman sa mga isipan ng tao. Sa pagbubulay-bulay pa ay napakadaling makita na sa gitna ng labis na sigalutan at ingay hinggil sa relihiyon, walang may karapatan mula sa Diyos upang isagawa ang mga ordenansa ng Ebanghelyo. Sapagkat maaaring itanong, ang tao ba ay may karapatang gumawa sa pangalan ni Cristo, na nagta-

73*a* GBK Espiritu Santo.
*b* GBK Propesiya, Pagpopropesiya.
74*a* GBK Pagkaunawa.
*b* Juan 16:13.

tatwa ng mga paghahayag, samantalang ang kanyang patotoo ay wala nang iba kundi ang diwa ng propesiya, at ang Kanyang relihiyon ay nakabatay, nakatayo, at itinataguyod sa pamamagitan ng kaagad na paghahayag, sa lahat ng kapanahunan ng daigdig nang Siya ay nagkaroon ng mga tao sa mundo? Kung ang mga katotohanang ito ay nailibing, at maingat na itinago ng mga tao na ang mga katusuhan ay maaaring magdulot ng panganib kung mapahihintulutang magliwanag kahit minsan sa mga mukha ng tao, ang mga ito ay hindi sa atin; at maghihintay lamang tayo ng kautusang ibibigay 'Magsipagbangon at magpabinyag.'

"Ito ay hindi matagal na hinangad bago naganap. Ang Panginoon na sagana sa awa, at sa tuwina'y nakahandang sumagot sa walang tigil na panalangin ng mapagpakumbaba, matapos kaming manawagan sa kanya sa mataimtim na paraan, maliban sa mga tinitirahan ng mga tao, ay nagpakababa upang ipaalam sa amin ang kanyang kalooban. Nang bigla, tila baga mula sa gitna ng kawalang-hanggan, ang tinig ng Manunubos ay nangusap ng kapayapaan sa amin, habang ang tabing ay nahawi at ang anghel ng Diyos ay bumaba na nadaramitan ng kaluwalhatian, at inihatid ang pinakahihintay na mensahe, at ang mga susi ng Ebanghelyo ng pagsisisi. Anong ligaya! anong kababalaghan! anong panggigilalas! Habang ang daigdig ay pinahirapan at nagkakagulo—habang ang milyun-milyon ay nangangapa tulad ng bulag na naghahanap ng pader, at habang ang lahat ng tao ay nakasandig sa kawalang-katiyakan, na pangkalahatan, namalas ng aming mga mata, narinig ng aming mga tainga, tulad ng 'sikat ng araw'; oo, higit pa—sa ibabaw ng kislap ng sinag ng araw ng Mayo, na nagsabog ng kanyang kaningningan sa mukha ng kalikasan! Nang panahong iyon ang kanyang tinig, bagaman malumanay, ay tumagos sa kaibuturan, at ang kanyang mga salita, 'Ako ay inyong kapwa tagapaglingkod,' ay pumawi sa lahat ng takot. Kami ay nakinig, kami ay tumitig, kami ay humanga! Ito ay tinig ng isang anghel mula sa kaluwalhatian, ito ay isang mensahe mula sa Kataas-taasan! At nang aming marinig kami ay nagsaya, habang ang Kanyang pag-ibig ay pumupukaw sa aming mga kaluluwa, at kami ay nabalot sa pangitain ng Pinakamakapangyarihan! Mayroon pa bang puwang sa pag-aalinlangan? Wala na; kawalang-katiyakan ay naglaho, ang pag-aalinlangan ay lumubog upang hindi na muling lumitaw, habang ang kathang-isip at panlilinlang ay naglaho magpakailanman!

"Subalit, mahal kong kapatid, mag-isip, saglit na mag-isip pa, anong ligaya ang pumuspos sa aming mga puso, at sa pagkabigla kami ay napaluhod, (sapagkat sino ba ang hindi luluhod sa gayong pagbabasbas?) Nang aming matanggap sa ilalim ng kanyang kamay ang Banal na Pagkasaserdote tulad ng kanyang sinabi, 'Sa inyo aking mga kapwa tagapaglingkod, sa pangalan ng Mesiyas, aking iginagawad ang Pagkasaserdoteng ito at karapatang ito, na mananatili sa lupa, upang ang mga Anak na Lalaki ni Levi ay maaari muling mag-alay ng isang handog sa Panginoon sa kabutihan!'

"Hindi ko tatangkaing ilarawan sa iyo ang damdamin ng pusong ito, ni ang dakilang kagandahan at kaluwalhatiang pumalibot sa amin sa pagkakataong ito; subalit paniniwalaan ninyo ako kung aking sasabihin, na ang mundo, ni mga tao man, sa kagalingan ng panahon, ay hindi masisimulang madamitan ang wika ng kasing kaakit-akit at kahanga-hangang pamamaraan gaya ng banal na katauhang ito. Wala; ni ang mundong ito ay may kapangyarihang magbigay ng kaligayahan, magkaloob ng kapayapaan, o maunawaan ang karunungan na nakapaloob sa bawat pangungusap habang ang mga ito ay inihahatid sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu! Maaaring malinlang ng tao ang kanyang kapwa, ang panlilinlang ay maaaring sundan ng panlilinlang, at ang mga anak ng masasama ay maaaring magkaroon ng kapangyarihang akitin ang hangal at ang hindi naturuan, hanggang sa mapawalang-saysay subalit ang bungang-isip ang nagpapakain sa marami, at natatangay ng bunga ng kabulaanan sa kanyang agos ang salawahan tungo sa libingan; subalit isang haplos ng daliri ng kanyang

pagmamahal, oo, isang sinag ng kaluwalhatian mula sa itaas ng daigdig, o isang salita mula sa bibig ng Tagapagligtas, mula sa sinapupunan ng kawalang-hanggan, maipalalagay ang lahat ng ito sa kawalang-saysay, at binubura ito magpakailanman mula sa isipan. Ang katiyakan na kami ay nasa harapan ng isang anghel, ang katiyakan na narinig namin ang tinig ni Jesus, at ang katotohanang walang dungis habang ito ay dumadaloy mula sa isang dalisay na katauhan, idinidikta ng kalooban ng Diyos, para sa akin ay hindi mailalarawan, at ako kailanman ay tatanaw sa pagpapahiwatig na ito ng kabutihan ng Tagapagligtas nang may kamanghaan at pasasalamat habang ako ay pinahihintulutang mabuhay; at sa mga tahanang yaon kung saan nananahanan ang kaganapan at ang kasalanan ay hindi makapaparoon, umaasa ako na pakamamahalin sa araw na yaon na hindi magwawakas."—*Messenger and Advocate,* tomo 1 (Oktubre, 1834), pp. 14–16.

# Ang Mga Saligan ng Pananampalataya

NG ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

*History of the Church,* Tomo 4, Pahina 535 hanggang 541

[a]Naniniwala kami sa [b]Diyos, ang Amang Walang Hanggan, at sa Kanyang [c]Anak, na si Jesucristo, at sa [d]Espiritu Santo.

2 Naniniwala kami na ang mga tao ay parurusahan dahil sa kanilang [a]sariling mga kasalanan, at hindi dahil sa [b]paglabag ni Adan.

3 Naniniwala kami na sa pamamagitan ng [a]Pagbabayad-sala ni Cristo, ang buong sangkatauhan ay maaaring [b]maligtas, sa pamamagitan ng [c]pagsunod sa mga [d]batas at [e]ordenansa ng Ebanghelyo.

4 Naniniwala kami na ang mga pangunahing alituntunin at [a]ordenansa ng Ebanghelyo ay: una, [b]Pananampalataya sa Panginoong Jesucristo; pangalawa, [c]Pagsisisi; pangatlo, [d]Pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa [e]kapatawaran ng mga kasalanan; pangapat, Pagpapatong ng mga [f]kamay para sa [g]kaloob na Espiritu Santo.

5 Naniniwala kami na ang tao ay kinakailangang [a]tawagin ng Diyos, sa pamamagitan ng [b]propesiya, at ng pagpapatong ng mga [c]kamay ng mga yaong may [d]karapatan, upang [e]ipangaral ang Ebanghelyo at mangasiwa sa mga [f]ordenansa niyon.

6 Naniniwala kami sa [a]samahan ding yaon na umiral sa Sinaunang Simbahan, alalaong baga'y mga [b]apostol, [c]propeta,

---

1*a* GBK Paniniwala, Maniwala.
*b* GBK Diyos, Panguluhang Diyos—Diyos Ama.
*c* GBK Diyos, Panguluhang Diyos—Diyos Anak; Jesucristo.
*d* GBK Diyos, Panguluhang Diyos—Diyos Espiritu Santo; Espiritu Santo.
2*a* Deut. 24:16; Ez. 18:19–20. GBK Mananagot, Pananagutan, May Pananagutan; Kalayaang Mamili.
*b* GBK Pagkahulog nina Adan at Eva.
3*a* GBK Bayad-sala, Pagbabayad-sala.
*b* Mos. 27:24–26; Moi. 5:9. GBK Kaligtasan.
*c* GBK Pagsunod, Masunurin, Sumunod.
*d* GBK Batas.
*e* GBK Ebanghelyo.
4*a* GBK Ordenansa, Mga.
*b* GBK Pananampalataya.
*c* GBK Magsisi, Pagsisisi.
*d* GBK Pagbibinyag, Binyagan.
*e* GBK Kapatawaran ng mga Kasalanan.
*f* GBK Kamay, Pagpapatong ng mga.
*g* GBK Kaloob na Espiritu Santo.
5*a* GBK Tawag, Tinawag ng Diyos, Pagkakatawag.
*b* GBK Propesiya, Pagpopropesiya.
*c* GBK Kamay, Pagpapatong ng mga.
*d* GBK Karapatan; Pagkasaserdote.
*e* GBK Mangaral.
*f* Alma 13:8–16.
6*a* GBK Simbahan, Mga Palatandaan ng Tunay na—Kaayusan ng Simbahan.
*b* GBK Apostol.
*c* GBK Propeta.

[d]pastor, guro, [e]ebanghelista, at iba pa.

7 Naniniwala kami sa [a]kaloob na mga [b]wika, [c]propesiya, [d]paghahayag, mga [e]pangitain, [f]pagpapagaling, [g]pagbibigay-kahulugan sa mga wika, at iba pa.

8 Naniniwala kami na ang [a]Biblia ay [b]salita ng Diyos hangga't ito ay nasasalin nang [c]wasto; naniniwala rin kami na ang [d]Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos.

9 Naniniwala kami sa lahat ng [a]ipinahayag ng Diyos, sa lahat ng Kanyang ipinahahayag ngayon, at naniniwala rin kami na [b]maghahayag pa Siya ng maraming dakila at mahahalagang bagay hinggil sa Kaharian ng Diyos.

10 Naniniwala kami sa literal na [a]pagtitipon ng Israel at sa pagpapanumbalik ng [b]Sampung Lipi; na ang [c]Sion (ang Bagong Jerusalem) ay itatayo sa lupalop ng Amerika; na [d]maghahari si Cristo sa mundo; at, ang mundo ay [e]babaguhin at matatanggap nito ang [f]malaparaisong [g]kaluwalhatian.

11 Inaangkin namin ang [a]natatanging karapatang sambahin ang Pinakamakapangyarihang Diyos alinsunod sa mga [b]atas ng aming sariling [c]budhi, at pinahihintulutan ang lahat ng tao ng gayon ding karapatan, hayaan silang [d]sumamba, kung paano, kung saan, kung anuman ang ibig nila.

12 Naniniwala kami sa pagpapasailalim sa mga hari, pangulo, namamahala, at hukom, sa pagsunod, paggalang at pagtataguyod ng [a]batas.

13 Naniniwala kami sa pagiging [a]matapat, tunay, [b]malinis, mapagkawanggawa, marangal, at sa [c]paggawa ng mabuti sa lahat ng tao; sa katotohanan, maaari naming sabihing sinusunod

6*d* GBK Obispo.
*e* GBK Ebanghelista; Patriyarka, Patriyarkal.
7*a* GBK Kaloob ng Espiritu, Mga.
*b* GBK Wika, Kaloob na mga.
*c* GBK Propesiya, Pagpopropesiya.
*d* GBK Paghahayag.
*e* GBK Pangitain.
*f* GBK Pinagaling, Pagpapagaling.
*g* 1 Cor. 12:10; Morm. 9:7–8.
8*a* GBK Biblia.
*b* GBK Salita ng Diyos.
*c* 1 Ne. 13:20–40; 14:20–26.
*d* GBK Aklat ni Mormon.
9*a* GBK Paghahayag.
*b* Amos 3:7; D at T 121:26–33. GBK Banal na Kasulatan, Mga—Mga banal na kasulatan na iprinopesiyang lalabas.
10*a* Is. 49:20–22; 60:4; 1 Ne. 19:16–17. GBK Israel—Ang pagtitipon ng Israel.
*b* GBK Israel—Ang sampung nawawalang lipi ni Israel.
*c* Eter 13:2–11; D at T 45:66–67; 84:2–5; Moi. 7:18. GBK Bagong Jerusalem; Sion.
*d* GBK Milenyo.
*e* GBK Mundo—Paglilinis ng mundo.
*f* IE isang kalagayan na katulad sa Halamanan ng Eden; Is. 11:6–9; 35:1–10; 51:1–3; 65:17–25; Ez. 36:35. GBK Paraiso.
*g* GBK Kaluwalhatian.
11*a* D at T 134:1–11.
*b* GBK Kalayaang Mamili.
*c* GBK Budhi.
*d* GBK Pagsamba.
12*a* D at T 58:21–23. GBK Batas.
13*a* GBK Matapat, Katapatan.
*b* GBK Kalinisang-puri.
*c* GBK Paglilingkod.

namin ang [d]payo ni Pablo—Naniniwala kami sa lahat ng bagay, [e]umaasa kami sa lahat ng bagay, nakapagtiis kami ng maraming bagay, at umaasang [f]makapagtitiis sa lahat ng bagay. Kung may anumang bagay na [g]marangal, kaaya-aya, o magandang balita, o maipagkakapuri, hinahangad namin ang mga bagay na ito.

JOSEPH SMITH.

13*d* Fil. 4:8.
*e* GBK Pag-asa.
*f* GBK Makapagtiis.
*g* GBK Kayumian; Kabaitan.

ANG
# Gabay sa mga Banal na Kasulatan

PAMBUNGAD

ALPABETIKONG TALAAN NG MGA PAKSA

MGA PINILI MULA SA PAGSASALIN NI JOSEPH SMITH NG BIBLIA

CRONOLOHIYA, MGA MAPA, AT MGA LARAWAN NG KASAYSAYAN NG SIMBAHAN

MGA MAPA AT MGA LARAWAN SA BIBLIA

# PAMBUNGAD

Ipinaliliwanag ng Gabay sa mga Banal na Kasulatan ang mga piling doktrina, alituntunin, tao, at lugar na matatagpuan sa Banal na Biblia, sa Aklat ni Mormon, sa Doktrina at mga Tipan, at sa Mahalagang Perlas. Ito rin ay nagbibigay ng mahahalagang sanggunian sa mga banal na kasulatan sa inyong pag-aaral para sa bawat paksa. Makatutulong ang Gabay sa inyong pansarili at pangmag-anak na pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Makatutulong ito na masagot ang inyong mga katanungan tungkol sa ebanghelyo, sa pag-aaral sa mga paksa sa mga banal na kasulatan, sa paghahanda sa mga talumpati at aralin, at makadaragdag sa inyong kaalaman at patotoo tungkol sa ebanghelyo.

May tatlong bahagi ang Gabay: (1) alpabetikong listahan ng mga paksa, (2) mga piling bahagi mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith sa Biblia (*PJS*), (3) cronolohiya, mga mapa at mga larawan ng kasaysayan ng Simbahan; at mga mapa at mga larawan sa Biblia.

1. *Ang alpabetikong talaan ng mga paksa.* Ibinibigay ng bahaging ito ang isang maikling pagpapaliwanag sa bawat paksa at itinatala ang pinakamahalagang sanggunian sa banal na kasulatan tungkol sa paksa. Bawat sanggunian ay pinangungunahan ng isang maikling sipi o buod ng banal na kasulatan. Ang mga sanggunian sa banal na kasulatan ay nakaayos sa ganitong pagkakasunud-sunod: Lumang Tipan, Bagong Tipan, Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas.

2. *Mga Pinili mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia.* Noong 1830, tinagubilinan ng Panginoon si Joseph Smith na simulan ang gawain sa pagbabago o pagsasalin ng *King James Version* ng Biblia. Ang layunin ng Propeta ay ibalik ang ilang payak at mahahalagang katotohanang nawala sa orihinal na teksto ng Biblia. Natapos niya ang halos lahat ng gawain noong Hulyo 1833. Gayunman, hanggang sa kanyang kamatayan noong 1844, patuloy pa rin siyang gumagawa ng pagbabago habang inihahanda ang manuskrito sa paglilimbag. Bagamat ang buong tomo ay hindi natapos, ni opisyal na pinagtibay ng Simbahan, ang Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia ay naglalaman ng maraming kaalaman tungkol sa mga kahulugan ng banal na kasulatan at isang mahalagang mapagkukunan ng tulong sa pag-unawa ng Biblia. Ang ilan sa higit na mahahalagang pagbabago ay nabibilang sa Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan. (Para sa karagdagang kaalaman, tingnan sa paksang "Pagsasalin ni Joseph Smith" sa Gabay.)

Ginagamit ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang *King James Version* ng Biblia bilang opisyal na pagsasalin sa Ingles. Mahalaga ang ginampanan nito sa pagpapanumbalik ng ebanghelyo at patuloy na nagkakaroon ng mahalagang impluwensiya sa maraming bansa sa buong mundo.

3. Cronolohiya, mga mapa, at mga larawan ng kasaysayan ng Simbahan, at mga mapa at mga larawan sa Biblia*.* Mas mauunawaan mo ang mga pangyayari sa mga banal na kasulatan kung alam mo ang heograpiya ng mga lupaing tinatalakay sa mga banal na kasulatan. Ang Gabay ay may 6 na mapa ng mahahalagang lugar sa kasaysayan ng Simbahan, 14 na mapa ng lupain sa Biblia, at 1 mapa ng mundo. Para makita ang isang lugar na gusto mo, gamitin lang ang indeks. Ibibigay sa iyo ng indeks ang angkop na mapa at ang titik at bilang kung saan matatagpuan ang lugar na ito. Ang 18 kasaysayan ng Simbahan at ang 32 larawan sa Biblia ay naglalaman din ng mga paglalarawan na makatutulong sa iyong higit na maunawaan ang mga partikular na pangyayari sa mga banal na kasulatan.

Nakalista sa cronolohiya ng kasaysayan ng Simbahan ang mahahalagang pangyayari tungkol sa pagpapanumbalik at pag-unlad ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Upang higit kayong matulungan sa inyong pag-aaral ng mga banal na kasulatan, ang Gabay ay naglalaman ng ilang makatutulong na mga paglalahad. Halimbawa, kung kayo ay sasangguni sa talang “Jesucristo”, makikita ninyo ang isang buong talaan ng bawat paksa sa Gabay na makapagbibigay kaalaman na tuwirang tumutukoy sa Tagapagligtas at sa kanyang ministeryo. Ito lamang ang tanging paksa sa Gabay na may gayong karaming talaan, na nagbibigay-diin sa kahalagahan ni Cristo sa buong sangkatauhan. Bilang karagdagan, sa ilalim ng paksang “Cronolohiya”, ilan sa pinakamahahalagang pangyayari sa Biblia at noong panahon ng Aklat ni Mormon, ay natatala, lakip ang mga higit-kumulang na petsa. Ang paksang “Ebanghelyo, Mga” ay naglalaman ng isang pagtutugma ng mga Ebanghelyo. Ang pagtutugmang ito ay naghahambing sa mga aral ng Tagapagligtas na matatagpuan sa Mateo, Marcos, Lucas, Juan, at sa mga paghahayag sa huling araw.

Ang mga sumusunod na pagpapaikli sa mga aklat sa banal na kasulatan ang siyang ginagamit sa Gabay:

| **Lumang Tipan** | |
|---|---|
| Genesis | Gen. |
| Exodo | Ex. |
| Levitico | Lev. |
| Mga Bilang | Blg. |
| Deuteronomio | Deut. |
| Josue | Jos. |
| Mga Hukom | Huk. |
| Ruth | Ruth |
| I Samuel | 1 Sam. |
| II Samuel | 2 Sam. |
| I Mga Hari | 1 Hari |
| II Mga Hari | 2 Hari |
| I Mga Cronica | 1 Cron. |
| II Mga Cronica | 2 Cron. |
| Ezra | Ezra |
| Nehemias | Neh. |
| Esther | Est. |
| Job | Job |
| Mga Awit | Awit |
| Mga Kawikaan | Kaw. |
| Eclesiastes | Ec. |
| Awit ni Solomon | A ni S |
| Isaias | Is. |
| Jeremias | Jer. |
| Mga Panaghoy | Panag. |
| Ezekiel | Ez. |
| Daniel | Dan. |
| Oseas | Os. |
| Joel | Joel |
| Amos | Amos |
| Obadias | Obad. |
| Jonas | Jon. |
| Mikas | Mi. |
| Nahum | Nah. |
| Habacuc | Hab. |
| Zefanias | Zef. |
| Hagai | Hag. |
| Zacarias | Zac. |
| Malakias | Mal. |

| **Bagong Tipan** | |
|---|---|
| Mateo | Mat. |
| Marcos | Mar. |
| Lucas | Lu. |
| Juan | Juan |
| Mga Gawa | Gawa |
| Mga Taga-Roma | Rom. |
| I Mga Taga-Corinto | 1 Cor. |
| II Mga Taga-Corinto | 2 Cor. |
| Mga Taga-Galacia | Gal. |
| Mga Taga-Efeso | Ef. |
| Mga Taga-Filipos | Fil. |
| Mga Taga-Colosas | Col. |
| I Mga Taga-Tesalonica | 1 Tes. |
| II Mga Taga-Tesalonica | 2 Tes. |
| I Kay Timoteo | 1 Tim. |
| II Kay Timoteo | 2 Tim. |
| Kay Tito | Tit. |
| Kay Filemon | Flm. |
| Sa mga Hebreo | Heb. |
| Santiago | Sant. |
| I Pedro | 1 Ped. |
| II Pedro | 2 Ped. |
| I Juan | 1 Juan |
| II Juan | 2 Juan |
| III Juan | 3 Juan |
| Judas | Jud. |
| Apocalipsis | Apoc. |

| **Aklat ni Mormon** | |
|---|---|
| 1 Nephi | 1 Ne. |
| 2 Nephi | 2 Ne. |
| Jacob | Jac. |
| Enos | Enos |
| Jarom | Jar. |
| Omni | Omni |
| Ang mga Salita ni Mormon | S ni M |
| Mosias | Mos. |
| Alma | Alma |
| Helaman | Hel. |
| 3 Nephi | 3 Ne. |
| 4 Nephi | 4 Ne. |
| Mormon | Morm. |
| Eter | Eter |
| Moroni | Moro. |

| **Doktrina at mga Tipan** | |
|---|---|
| Opisyal na Pahayag—1 | OP—1 |
| Opisyal na Pahayag—2 | OP—2 |

| **Mahalagang Perlas** | |
|---|---|
| Moises | Moi. |
| Abraham | Abr. |
| Joseph Smith—Mateo | JS—M |
| Joseph Smith—Kasaysayan | JS—K |
| Ang mga Saligan ng Pananampalataya | S ng P |

| | |
|---|---|
| **Pagsasalin ni Joseph Smith** | PJS |

# ALPABETIKONG TALAAN NG MGA PAKSA

**Paano Gamitin.** Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan ay isang alpabetikong talaan ng mga paksa sa ebanghelyo. Ito ay nagbibigay ng isang maikling pagpapaliwanag ng bawat paksa at nagkakaloob ng mga pinakamahalagang sanggunian tungkol sa paksang ito. Ang bawat sanggunian ay pinangungunahan ng isang maliit na sipi o buod ng banal na kasulatan. Ang mga sanggunian ng banal na kasulatan ay makikita sa sumusunod na pagkakasunud-sunod: Lumang Tipan, Bagong Tipan, Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at ang Mahalagang Perlas. Ang sumusunod na banghay ay nagpapaliwanag ng isang halimbawang tala.

Ang mga paksa ay nasusulat sa maririin at malalaking titik.

May maikling paliwanag sa bawat paksa.

Ang ilang paksa ay may mga kaugnay na talaan. Ang mga ito ay nasa tipong italica.

Ang mga may kaugnayang sanggunian sa banal na kasulatan ay ibinibigay sa mga panaklong.

Paminsan-minsan ang kaalaman tungkol sa isang paksa ay hindi kabilang sa ilalim ng paksang inyong tiningnan. Ang salitang nasa tipong italica na *tingnan sa* ang tutukoy sa inyo sa paksang katatagpuan ng kaalaman.

**MUNDO.** *Tingnan din sa* Daigdig; Likha, Paglikha

Ang planeta kung saan tayo naninirahan, na nilikha ng Diyos sa pamamagitan ni Jesucristo upang magamit ng tao sa panahon ng kanyang pagsubok sa buhay na ito. Ang kahahantungan nito sa huli ay kaluwalhatian at kadakilaan (D at T 77:1–2; 130:8–9). Ang mundo ang magiging walang hanggang pamana ng mga yaong nabuhay na karapat-dapat sa isang selestiyal na kaluwalhatian (D at T 88:14–26). Kanilang matatamasa ang mamuhay sa kinaroroonan ng Ama at ng Anak (D at T 76:62).

*Nilikha para sa tao:* Binigyan ng kapangyarihan ng Diyos ang tao sa mundo, **Gen.** 1:28 (Moi. 2:28). Ang lupa'y sa Panginoon, **Ex.** 9:29 (Awit 24:1). Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kanyang salita ay nalalang ang tao sa ibabaw ng mundo, **Jac.** 4:9. Ang mga maralita at maaamo ng mundo ang magmamana nito, **D at T** 88:17 (Mat. 5:5; 3 Ne. 12:5). Tayo ay lilikha ng mundo, at susubukin natin sila, **Abr.** 3:24–25.

**NAGSISISING PUSO.** *Tingnan sa* Bagbag na Puso

**NAWAWALANG AKLAT NG BANAL NA KASULATAN, MGA.** *Tingnan sa* Banal na Kasulatan, Mga—Nawalang mga banal na kasulatan

Paminsan-minsan ang iba pang mga paksa sa gabay ay naglalaman ng kaalaman na nauugnay sa paksang inyong pinag-aaralan. Ang mga salitang nasa tipong italica na *tingnan din sa* ang tutukoy sa inyo sa mga kaugnay na paksang iyon.

Ang mga sanggunian sa mga banal na kasulatan na makatutulong na inyong maunawaan ang paliwanag ay nasa mga panaklong.

Bawat sanggunian sa mga banal na kasulatan ay pinangungunahan ng isang maikling sipi mula sa banal na kasulatan o buod nito.

Ang salitang nasa tipong italica na *tingnan sa* (o *tingnan din sa*) na sinusundan ng gatlang ito ang magsasabi sa inyo na ang kaalaman ay matatagpuan sa isang kaugnay na tala ("Nawalang mga banal na kasulatan") ng pangunahing paksa ("Banal na Kasulatan, Mga").

**AARON, ANAK NI MOSIAS.**
*Tingnan din sa* Mosias, Anak ni Benjamin; Mosias, Mga Anak ni

Sa Aklat ni Mormon, anak ni Haring Mosias. Naglingkod si Aaron bilang isang misyonero na ang masigasig na paggawa ay nakatulong sa pagpapabalik-loob ng maraming kaluluwa kay Cristo.

Isang hindi naniniwala noon na naghahangad na wasakin ang Simbahan, **Mos.** 27:8–10, 34. Isang anghel ang nagpakita sa kanya at sa kanyang mga kasamahan, **Mos.** 27:11. Nagsisi at nagsimulang mangaral ng salita ng Diyos, **Mos.** 27:32–28:8. Tumangging maging hari at sa halip ay nagtungo sa lupain ng mga Lamanita upang ipangaral ang salita ng Diyos, **Alma** 17:6–9. Nag-ayuno at nanalangin upang mapatnubayan, **Alma** 17:8–11. Tinuruan ang ama ni Haring Lamoni, **Alma** 22:1–26. Humayo upang mangaral sa mga Zoramita, **Alma** 31:6–7.

**AARON, KAPATID NI MOISES.**
*Tingnan din sa* Moises; Pagkasaserdoteng Aaron

Sa Lumang Tipan, anak na lalaki nina Amram at Jochebed, ng lipi ni Levi (Ex. 6:16–20); ang nakatatandang kapatid ni Moises (Ex. 7:7).

Hinirang ng Panginoon na tumulong kay Moises sa pagdadala sa mga anak ni Israel palabas ng Egipto at maging tagapagsalita niya, **Ex.** 4:10–16, 27–31; 5:1–12:51. Sa Bundok ng Sinai, natanggap ni Moises ang mga tagubilin tungkol sa pagkakahirang ni Aaron at ng kanyang apat na anak na lalaki sa Pagkasaserdoteng Aaron, **Ex.** 28:1–4. Gumawa ng isang ginintuang guya sa kahilingan ng mga tao, **Ex.** 32:1–6, 21, 24, 35. Namatay sa Bundok ng Hor sa gulang na 123, **Blg.** 20:22–29 (Blg. 33:38–39). Pinagtibay rin ng Panginoon ang pagkasaserdote kay Aaron at sa kanyang mga binhi, **D at T** 84:18, 26–27, 30. Yaong mga matapat na tumupad sa mga tungkulin ng pagkasaserdote ay magiging mga anak na lalaki ni Moises at ni Aaron, **D at T** 84:33–34. Bibigyang-katwiran ng Panginoon ang mabubuting gawa ng mga yaong tinawag ng Ama na tulad ni Aaron, **D at T** 132:59.

**AARON, PAGKASASERDOTE NI.**
*Tingnan sa* Pagkasaserdoteng Aaron

**ABED-NEGO.** *Tingnan din sa* Daniel

Sa Lumang Tipan, sina Sadrach, Mesach, at Abed-nego ay tatlong kabataang Israelita na, kasama ni Daniel na dinala sa palasyo ni Nabucodonosor, hari ng Babilonia. Ang pangalan sa Hebreo ni Abed-nego ay Azarias. Tumanggi ang apat na kabataang lalaki na dungisan ang kanilang sarili sa pamamagitan ng pagsalo sa pagkain at alak ng hari (Dan. 1). Inihagis sina Sadrach, Mesach, at Abed-nego ng hari sa hurnong nagniningas subalit pinangalagaan sila ng Anak ng Diyos (Dan. 3).

**ABEL.** *Tingnan din sa* Adan; Cain

Sa Lumang Tipan, anak nina Adan at Eva.

Nag-alay sa Diyos ng higit na mabuting hain kaysa sa kanyang kapatid na si Cain, **Gen.** 4:4–5 (Heb. 11:4; Moises 5:16–21). Pinaslang ni Cain, **Gen.** 4:8 (Moises 5:32). Tumanggap ng pagkasaserdote mula kay Adan, **D at T** 84:16. Nakipagsabwatan si Satanas kay Cain upang paslangin si Abel, **Moi.** 5:28–31 (Hel. 6:27).

**ABINADI.** *Tingnan din sa* Martir, Pagkamartir

Isang propetang Nephita sa Aklat ni Mormon.

Nagpropesiya na parurusahan ng Diyos ang mga tao ng masamang haring si Noe maliban kung sila ay magsisisi, **Mos.** 11:20–25. Nabilanggo dahil sa nagpropesiya sa pagkalipol ni Haring Noe at ng kanyang mga tao, **Mos.** 12:1–17. Nagturo sa masasamang saserdote ni Haring Noe ng mga batas ni Moises at ni Cristo, **Mos.** 12–16. Ang Nakatatandang Alma ay naniwala at isinulat ang kanyang mga salita, **Mos.**

17:2–4. Ipinasunog ni Haring Noe hanggang sa mamatay, **Mos.** 17:20.

**ABRAHAM.** *Tingnan din sa* Tipang Abraham

Anak ni Tera, isinilang sa Ur ng mga Caldeo (Gen. 11:26, 31; 17:5). Isang propeta ng Panginoon kung kanino gumawa ng mga walang hanggang tipan ang Panginoon, kung saan sa pamamagitan niyon ay pagpapalain ang lahat ng bansa sa mundo. Ang dating pangalan ni Abraham ay Abram.

Lumipat sa Haran, kung saan namatay si Tera, **Gen.** 11:31–32 (Abr. 2:1–5). Tinawag ng Diyos na maglakbay patungo sa Canaan at tanggapin ang isang dakilang tipan, **Gen.** 12:1–8 (Abr. 2:4, 15–17). Naglakbay patungong Egipto, **Gen.** 12:9–20 (Abr. 2:21–25). Nanirahan sa Hebron, **Gen.** 13:18. Iniligtas si Lot, **Gen.** 14:1–16. Nakipagkita kay Melquisedec, **Gen.** 14:18–20. Isinilang ni Agar sa kanya si Ismael, **Gen.** 16:15–16. Binago ang kanyang pangalan at ginawang Abraham, **Gen.** 17:5. Sinabi ng Panginoon kina Abraham at Sara na sila ay magkakaanak, **Gen.** 17:15–22; 18:1–14. Isinilang ni Sara sa kanya si Isaac, **Gen.** 21:2–3. Inutusang ialay si Isaac, **Gen.** 22:1–18. Namatay si Sara at inilibing, **Gen.** 23:1–2, 19. Namatay si Abraham at inilibing, **Gen.** 25:8–10. Ang handang pag-aalay ni Abraham kay Isaac na isang kahalintulad ng Diyos at ng kanyang Bugtong na Anak, **Jac.** 4:5. Nagbayad ng ikapu kay Melquisedec, **Alma** 13:15. Nakita at nagpatotoo sa pagparito ni Cristo, **Hel.** 8:16–17. Tinanggap ang pagkasaserdote mula kay Melquisedec, **D at T** 84:14. Ang matapat ay magiging binhi ni Abraham, **D at T** 84:33–34 (Gal. 3:27–29). Natanggap ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng paghahayag, **D at T** 132:29. Natanggap ang kanyang kadakilaan, **D at T** 132:29. Hinangad ang mga pagbabasbas ng mga ninuno at pagkahirang sa pagkasaserdote, **Abr.** 1:1–4. Inusig ng mga huwad na saserdote ng taga-Caldeo, **Abr.** 1:5–15. Iniligtas ng Panginoon, **Abr.** 1:16–20. Nalaman ang tungkol sa araw, buwan, at mga bituin, **Abr.** 3:1–14. Nalaman ang tungkol sa buhay bago pa ang buhay sa mundo at paglikha, **Abr.** 3:22–28.

*Ang aklat ni Abraham:* Mga sinaunang talaan na isinulat ni Abraham na napasapag-aari ng Simbahan noong 1835. Natagpuan ang mga talaan at ilang momiya sa mga katakumba sa Egipto ni Antonio Lebolo, na siyang naghabilin ng mga ito kay Michael Chandler. Itinanghal ang mga ito ni Chandler sa Estados Unidos noong 1835. Binili ang mga ito ng ilang mga kaibigan ni Joseph Smith kay Chandler at ibinigay sa Propeta, na siyang nagsalin nito. Matatagpuan ngayon ang ilan sa mga talaang ito sa Mahalagang Perlas.

Natatala sa kabanata 1 ang mga naging karanasan ni Abraham sa Ur ng mga Caldeo, kung saan nagtangka ang masasamang saserdote na ialay siya. Nasasaad sa kabanata 2 ang tungkol sa kanyang paglalakbay patungo sa Canaan. Ang Panginoon ay nagpakita sa kanya at nakipagtipan sa kanya. Natatala sa kabanata 3 na nakita ni Abraham ang sandaigdigan at naunawaan ang mga ugnayan sa pagitan ng mga bagay sa langit. Ang mga kabanata 4–5 ay naglalaman ng iba pang ulat tungkol sa Paglikha.

*Ang binhi ni Abraham:* Mga tao na, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng ebanghelyo ni Jesucristo, ay makatatanggap sa mga pangako at tipang ginawa ng Diyos kay Abraham. Maaaring matanggap ng kalalakihan at kababaihan ang mga pagpapalang ito kung sila ay literal na mula sa lahi ni Abraham o kung sila ay kinupkop sa kanyang mag-anak sa pamamagitan ng pagtanggap sa ebanghelyo at pagpapabinyag (Gal. 3:26–29; 4:1–7; D at T 84:33–34; 103:17; 132:30–32; Abr. 2:9–11). Maaaring mawalan ng kanilang mga pagpapala ang mga literal na inapo ni Abraham sa pamamagitan ng pagsuway (Rom. 4:13; 9:6–8).

**ABRAM.** *Tingnan sa* Abraham

**ACAB.** *Tingnan din sa* Jezabel

Sa Lumang Tipan, isa sa pinakamasama at makapangyarihang hari ng hilagang Israel. Pinakasalan niya si Jezabel, isang prinsesa ng Sidon, kung kaninong impluwensiya ang pagsamba kay Baal at Astaroth ay napasimulan sa Israel (1 Hari 16:29–33; 2 Hari 3:2) at isang pagtatangka ang ginawa upang mawala ang mga propeta at ang pagsamba kay Jehova (1 Hari 18:13).

Namahala sa Israel sa may Samaria ng dalawampu at dalawang taon, **1 Hari** 16:29 (1 Hari 16–22). Ginawa ang masama sa paningin ng Panginoon nang higit sa lahat ng nauna sa kanya, **1 Hari** 16:30. Napatay sa digmaan, **1 Hari** 22:29–40.

**ADAN.** *Tingnan din sa* Adan-ondi-Ahman; Arkanghel; Eden; Eva; Miguel; Pagkahulog nina Adan at Eva

Ang unang taong nilalang sa mundo.

Si Adan ang ama at patriyarka ng sangkatauhan sa mundo. Ang kanyang paglabag sa Halamanan ng Eden (Gen. 3; D at T 29:40–42; Moi. 4) ang naging sanhi ng kanyang "pagkahulog" at naging mortal, isang hakbang na kinakailangan upang ang sangkatauhan ay umunlad sa mundong ito (2 Ne. 2:14–29; Alma 12:21–26). Sina Adan at Eva, kung gayon, ay nararapat purihin dahil sa tungkuling kanilang ginampanan upang magkaroon tayo ng walang hanggang pag-unlad. Si Adan ang Matanda ng mga Araw at kilala rin bilang si Miguel (Dan. 7; D at T 27:11; 107:53–54; 116; 138:38). Siya ang arkanghel at muling paparito sa mundo bilang patriyarka ng mag-anak ng tao, bilang paghahanda sa ikalawang pagparito ni Jesucristo (D at T 29:26).

Nilalang ng Diyos ang tao alinsunod sa sarili niyang larawan, **Gen.** 1:26–28 (Moi. 2:26–28; Abr. 4:26–28). Binigyan ng Diyos ang tao ng kapangyarihan sa lahat ng bagay at inutusan siyang magpakarami at kalatan ang mundo, **Gen.** 1:28–31 (Moi. 2:28–31; Abr. 4:28–31). Inilagay ng Diyos sina Adan at Eva sa Halamanan ng Eden at sila ay pinagbawalang kumain sa punungkahoy ng kaalaman ng mabuti at masama, **Gen.** 2:7–9, 15–17 (Moi. 3:7–9, 15–17; Abr. 5:7–13). Pinangalanan ni Adan ang lahat ng nabubuhay na kinapal, **Gen.** 2:19–20 (Moi. 3:19–20; Abr. 5:20–21). Sina Adan at Eva ay ikinasal ng Diyos, **Gen.** 2:18–25 (Moi. 3:18–25; Abr. 5:14–21). Tinukso ni Satanas sina Adan at Eva, kumain ng ipinagbabawal na bunga, at pinalayas sa Halamanan ng Eden, **Gen.** 3 (Moi. 4). Si Adan ay 930 taong gulang sa kanyang kamatayan, **Gen.** 5:5 (Moi. 6:12). Si Adan ang unang tao, **D at T** 84:16. Bago ang kanyang kamatayan ay tinipon ni Adan ang mabubuti sa kanyang angkan sa Adan-ondi-Ahman at binasbasan sila, **D at T** 107:53–57. Nag-alay si Adan ng hain, **Moi.** 5:4–8. Bininyagan si Adan, natanggap ang Espiritu Santo at inorden sa pagkasaserdote, **Moi.** 6:51–68.

**ADAN-ONDI-AHMAN.** *Tingnan din sa* Adan

Ang lugar kung saan binasbasan ni Adan ang mabubuti sa kanyang angkan tatlong taon bago siya namatay (D at T 107:53–56) at kung saan siya ay paroroon bago sumapit ang Ikalawang Pagparito (D at T 116).

**AGAR.** *Tingnan din sa* Abraham; Ismael, Anak ni Abraham

Sa Lumang Tipan, ang utusang babae na taga-Egipto ni Sarai. Naging asawa siya ni Abraham at ang ina ni Ismael (Gen. 16:1–16; 25:12; D at T 132:34, 65). Nangako ang Panginoon kay Agar na isang dakilang bansa ang magmumula sa kanyang anak (Gen. 21:9–21).

**AGINGAY, MGA**

Isang damo o nakalalasong sukal na damo na katulad sa anyo ng trigo. Hindi ito maaaring makilala sa trigo hangga't hindi pa ito lubusang lumalaki (Mat. 13:24–30; D at T 86:1–7).

**AGRIPA.** *Tingnan din sa* Pablo

Sa Bagong Tipan, ang anak ni Herod

Agripa I at kapatid nina Bernice at Drusila. Siya ay hari ng Chalcis, na matatagpuan sa Libano. Pinakinggan niya ang Apostol na si Pablo at muntik nang mahikayat na maging isang Cristiyano (Gawa 25–26; JS—K 1:24).

**AHAS, TANSONG.** *Tingnan din sa* Jesucristo; Moises

Isang ahas na tanso na ginawa ni Moises sa utos ng Diyos upang pagalingin ang mga Israelita na nakagat ng mababagsik na ahas (makamandag na ahas) sa ilang (Blg. 21:8–9). Ipinatong ang ahas na tanso sa isang tikin at "itinaas upang sinuman ang tumingin ay mabubuhay" (Alma 33:19–22). Tinukoy ng Panginoon ang pagtataas ng ahas sa ilang bilang isang sagisag niya na itataas sa krus (Juan 3:14–15). Ang paghahayag sa huling araw ay nagpapatunay ng ulat tungkol sa mababagsik na ahas at kung paano napagaling ang mga tao (1 Ne. 17:41; 2 Ne. 25:20; Hel. 8:14–15).

**AKLAT NG ALAALA.** *Tingnan din sa* Aklat ng Buhay; Talaangkanan

Isang aklat na sinimulan ni Adan kung saan natatala ang mga gawain ng kanyang mga inapo; gayon din, anumang kahalintulad na mga talaan na iningatan ng mga propeta at matatapat na kasapi magmula ng panahong iyon. Nagingat si Adan at ang kanyang mga anak ng isang aklat ng alaala, kung saan sila sumulat sa pamamagitan ng diwa ng inspirasyon, at isang aklat ng mga salinlahi, na naglalaman ng talaangkanan (Moi. 6:5, 8). Ang gayong mga talaan ay maaaring magkaroon ng bahagi sa pag-alam ng ating magiging huling kahatulan.

Isang aklat ng alaala ang isinulat, **Mal.** 3:16–18 (3 Ne. 24:13–26). Lahat sila na hindi natagpuang nakasulat sa aklat ng alaala ay hindi makasusumpong ng mana sa araw na yaon, **D at T** 85:9. Ang mga patay ay hinatulan sa pamamagitan ng mga aklat na naglalaman ng talaan ng kanilang mga gawa, **D at T** 128:7. Mag-alay tayo ng isang aklat na naglalaman ng mga talaan ng ating mga patay, **D at T** 128:24. Isang aklat ng alaala ang iningatan, **Moi.** 6:5–8. Tayo ay may aklat ng alaala, **Moi.** 6:46. Nagsikap si Abraham na sumulat ng talaan para sa kanyang angkan, **Abr.** 1:31.

**AKLAT NG BUHAY.** *Tingnan din sa* Aklat ng Alaala

Sa isang banda, ang Aklat ng Buhay ang kabuuan ng mga iniisip at gawa ng isang tao—ang talaan ng kanyang buhay. Gayunman, itinuturo ng mga banal na kasulatan na isang makalangit na talaan ang iniingatan tungkol sa matatapat, naglalaman ng kanilang mga pangalan at ulat ng kanilang mabubuting gawa.

Aalisin ng Panginoon ang mga makasalanan sa kanyang aklat, **Ex.** 32:33. Siya na magtatagumpay ay hindi aalisin sa aklat ng buhay, **Apoc.** 3:5. Nabuksan ang isa pang aklat, na siyang aklat ng buhay, **Apoc.** 20:12 (D at T 128:6–7). Ang mga pangalan ng mabubuti ay masusulat sa aklat ng buhay, **Alma** 5:58. Ang inyong mga panalangin ay natatala sa aklat ng mga pangalan ng pinabanal, **D at T** 88:2.

**AKLAT NG MGA KAUTUSAN.** *Tingnan din sa* Doktrina at mga Tipan; Paghahayag

Noong 1833, ilang bilang ng mga paghahayag na natanggap ng Propetang si Joseph Smith ang inihanda upang mailimbag sa ilalim ng pamagat na Aklat ng mga Kautusan para sa Pamahalaan sa Simbahan ni Cristo. Patuloy na nakipag-ugnayan ang Panginoon sa kanyang mga tagapaglingkod, at isang pinalakihang pinagsama-samang mga paghahayag ang inilimbag makalipas ang dalawang taon bilang Doktrina at mga Tipan.

Ang D at T 1 ang paunang salita ng Panginoon sa aklat ng kanyang mga kautusan, **D at T** 1:6. Hinamon ng Panginoon ang pinakamarunong na tao na tularan ang pinakamaliit sa kanyang mga paghahayag sa Aklat ng mga Kautusan, **D at T** 67:4–9. Naghi-

rang ng mga katiwala sa paglalathala ng mga paghahayag, **D at T** 70:1–5.

**AKLAT NI MORMON.** *Tingnan din sa* Banal na Kasulatan, Mga; Ephraim—Ang Talaan ni Ephraim o Jose; Kanoniko; Lamina, Mga; Laminang Ginto, Mga; Mormon, Propetang Nephita; Saksi sa Aklat ni Mormon, Mga; Smith, Joseph, Jr.

Isa sa apat na tomo ng mga banal na kasulatan na tinatanggap ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ito ay isang pinaikling ulat ng isang sinaunang propeta na nagngangalang Mormon sa mga talaan ng mga sinaunang nanirahan sa Amerika. Isinulat ito upang patotohanan na si Jesus ang Cristo. Hinggil sa talaang ito, ang Propetang si Joseph Smith, na siyang nagsalin nito sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos, ay nagsabi: "Sinabi ko sa mga kapatid na ang Aklat ni Mormon ang pinakatumpak sa anumang aklat sa mundo, at ang saligang bato ng ating relihiyon, at ang isang tao ay malalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga alituntunin nito, nang higit kaysa sa pamamagitan ng alinmang aklat" (tingnan sa pambungad sa unahan ng Aklat ni Mormon).

Ang Aklat ni Mormon ay isang talaang may kinalaman sa relihiyon ng tatlong pangkat ng mga tao na mga nagsilikas mula sa Lumang Daigdig patungo sa mga lupalop ng Amerika. Pinamunuan ang mga pangkat na ito ng mga propeta na mga nagtala ng kanilang mga pangrelihiyon at pang-araw-araw na kasaysayan sa mga laminang metal. Natatala sa Aklat ni Mormon ang pagdalaw ni Jesucristo sa mga tao sa Amerika pagkatapos ng kanyang pagkabuhay na mag-uli. Dalawang daang taon ng kapayapaan ang sumunod sa pagdalaw ni Cristo.

Si Moroni, ang huli sa mga propetang Nephita na mananalaysay, ang nagtatak ng mga pinaikling talaan ng mga taong ito at itinago ito noong mga A.D. 421. Noong 1823, dinalaw ng nabuhay na mag-uling si Moroni si Joseph Smith at di naglaon ay ibinigay sa kanya ang sinauna at mga banal na talaang ito upang isalin at ilabas sa daigdig bilang isa pang tipan ni Jesucristo.

Si Jose ay sangang mabunga na ang mga sanga ay gumagapang sa pader, **Gen.** 49:22–26. Katotohanan ay bubukal sa lupa, **Awit** 85:11 (Morm. 8:16; Moi. 7:62). Magtataas ang Panginoon ng isang sagisag sa mga bansa at sisipulan ang mga ito, **Is.** 5:26. Isang tinig ang bubulong mula sa alabok, **Is.** 29:4 (2 Ne. 26:14–17). Ang lahat ng pangitain ay naging sa inyo'y gaya ng mga salita ng aklat na may tatak, **Is.** 29:11 (Is. 29:9–18; 2 Ne. 27:6–26). Magiging isa ang mga talaan nina Jose at Juda sa kamay ng Panginoon, **Ez.** 37:15–20. Mayroon akong ibang mga tupa na hindi sa kawang ito, **Juan** 10:16 (3 Ne. 15:16–24). Ang Aklat ni Mormon at ang Biblia ay magsasama, **2 Ne.** 3:12–21. Titimo ang mga salita ng Panginoon hanggang sa mga dulo ng mundo, **2 Ne.** 29:2. Nakipagtipan ang Panginoon kay Enos na dadalhin ang Aklat ni Mormon sa mga Lamanita, **Enos** 1:15–16. Isinulat ang Aklat ni Mormon sa layuning maniwala tayo sa Biblia, **Morm.** 7:9. Tatayong isang patotoo ang Aklat ni Mormon laban sa sanlibutan, **Eter** 5:4. Itanong sa Diyos kung ang mga bagay na ito ay hindi totoo, **Moro.** 10:4. Nagpatotoo si Cristo na ang Aklat ni Mormon ay totoo, **D at T** 17:6. Nilalaman ng Aklat ni Mormon ang kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo, **D at T** 20:9 (D at T 20:8–12; 42:12). Naniniwala kami na ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos, **S ng P** 1:8.

**AKO.** *Tingnan din sa* Jehova; Jesucristo

Isa sa mga pangalan ng Panginoong Jesucristo.

Winika ng Diyos kay Moises, AKO YAONG AKO NGA, **Ex.** 3:14–15. Ako ang Panginoon, **Ex.** 6:2–3. Bago si Abraham, ay Ako, **Juan** 8:56–59. Makinig

sa tinig ni Jesucristo ang dakilang Ako, **D at T** 29:1 (D at T 38:1; 39:1).

**ALINGAWNGAW.** *Tingnan din sa* Pagsasalita nang Masama; Tsismis

Nagkakalat si Satanas ng mga bali-balita at pag-aaway-away—kung minsan ay bahagyang nababatay sa katotohanan—upang tumalikod ang tao laban sa Diyos at sa lahat ng mabuti (Hel. 16:22; JS—K 1:1). Isa sa mga palatandaan ng ikalawang pagparito ni Jesucristo ay mag-uusap ang mga tao ng tungkol sa mga digmaan, at alingawngaw ng mga digmaan (Mat. 24:6; D at T 45:26; JS—K 1:23).

**ALITAN.** *Tingnan din sa* Inggit; Paghihiganti; Pagmamahal

Sa mga banal na kasulatan, salungatan, labanan, at kapootan.

Papag-aalitin ko ikaw at ang babae, **Gen.** 3:15 (Moi. 4:21). Ang mahalay na kaisipan ay pakikipag-alit sa Diyos, **Rom.** 8:7. Ang pakikipagkaibigan sa sanlibutan ay pakikipag-alit sa Diyos, **Sant.** 4:4. Sa araw na yaon ang pag-aalitan ay titigil mula sa aking harapan, **D at T** 101:26.

**ALITUNTUNIN.** *Tingnan din sa* Ebanghelyo

Isang pangunahing doktrina, katotohanan, o batas. Ang mga unang alituntunin ng ebanghelyo ay pananampalataya sa Panginoong Jesucristo at pagsisisi (S ng P 1:4).

Huwag tumigil sa mga alituntunin at doktrina ni Cristo, tayo'y magpatuloy sa kasakdalan, **Heb.** 6:1–3. Ang mga elder, saserdote, at guro ay magtuturo ng mga alituntunin ng aking ebanghelyo, na nasa mga banal na kasulatan, **D at T** 42:12. Maturuan kayo nang ganap sa alituntunin, sa doktrina, sa lahat ng bagay, **D at T** 88:78 (D at T 97:14). Ang bawat tao'y makakikilos sa doktrina at alituntunin alinsunod sa moral na kalayaang pumili na aking ibinigay sa kanya, **D at T** 101:78. Anumang alituntunin ng katalinuhan ang ating matamo sa buhay na ito ay kasama nating babangon sa pagkabuhay na mag-uli, **D at T** 130:18–19.

**ALKOHOL.** *Tingnan sa* Salita ng Karunungan

**ALMA, ANAK NI ALMA.** *Tingnan din sa* Amulek; Mosias, Mga Anak ni; Nakatatandang Alma

Sa Aklat ni Mormon, ang unang punong hukom at propeta sa bansang Nephita. Sa kanyang kabataan ay hinangad niyang wasakin ang Simbahan (Mos. 27:8–10). Gayon man, isang anghel ang nagpakita sa kanya at nagbalik-loob siya sa ebanghelyo (Mos. 27:8–24; Alma 36:6–27). Di naglaon ay isinuko niya ang kanyang katungkulan bilang punong hukom upang turuan ang mga tao (Alma 4:11–20).

*Ang aklat ni Alma:* Isang hiwalay na aklat sa Aklat ni Mormon, na bumubuo ng mga pinaikling talaan ng propetang si Alma, na anak ni Alma, at ng kanyang anak na si Helaman. Naganap ang mga pangyayaring inilarawan sa aklat noong humigit-kumulang sa 91 hanggang 52 B.C. Ang aklat ay naglalaman ng 63 kabanata. Inilalarawan ng mga kabanata 1–4 ang paghihimagsik ng mga tagasunod nina Nehor at Amlici laban sa mga Nephita. Ang mga ibinungang digmaan ay kabilang sa pinakamapangwasak na pangyayari sa kasaysayan ng mga Nephita. Nilalaman ng mga kabanata 5–16 ang ulat ng mga naunang pangmisyonerong paglalakbay ni Alma, kabilang ang kanyang mga pangaral tungkol sa Mabuting Pastol (Alma 5) at kanyang pangangaral na kasama si Amulek sa lunsod ng Ammonihas. Nilalaman ng mga kabanata 17–27 ang ulat ng mga anak ni Mosias at kanilang ministeryo sa mga Lamanita. Nilalaman ng mga kabanata 28–44 ang ilan sa pinakamahahalagang pangaral ni Alma. Sa kabanata 32 inihalintulad ni Alma ang salita sa isang binhi; sa kabanata 36 muli niyang isinalaysay ang kuwento ng kanyang pagbabalik-loob sa kanyang anak na si Helaman. Natatala sa mga kabanata 39–42 ang

payo ni Alma sa kanyang anak na si Corianton, na nalulong sa pagkakasalang moral; ipinaliliwanag ng mahalagang pangaral na ito ang katarungan, awa, pagkabuhay na mag-uli, at ang Pagbabayad-sala. Inilalarawan ng mga kabanata 45–63 ang mga digmaang Nephita ng panahong iyon at mga pangingibang bayan sa pamumuno ni Hagot. Ang mga dakilang pinuno na tulad nina Kapitan Moroni, Tiancum, at Lehi ay nakatulong sa pangangalaga sa mga Nephita sa pamamagitan ng kanilang magiting at napapanahong pagkilos.

**ALMA, NAKATATANDANG.** *Tingnan sa* Nakatatandang Alma

**ALPHA AT OMEGA.** *Tingnan din sa* Jesucristo

Ang unang titik sa baybaying Griyego, ang omega ang huli. Ang mga ito ay pangalang ibinigay rin kay Jesucristo, at ginagamit bilang mga sagisag upang ipaalam na si Cristo ang simula at wakas ng lahat ng paglikha (Apoc. 1:8; D at T 19:1).

**ALTAR.** *Tingnan sa* Dambana

**AMA, MORTAL NA.** *Tingnan din sa* Mag-anak; Magulang, Mga; Patriyarka, Patriyarkal; Patriyarkal na Pagbabasbas, Mga

Isang katawagang banal na tumutukoy sa isang taong nagsilang o nagkupkop ng isang bata nang alinsunod sa batas.

Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina, **Ex.** 20:12 (Deut. 5:16; Mat. 19:19; Mos. 13:20). Tutuwirin ng isang ama ang isang anak na kanyang minamahal, **Kaw.** 3:12. Mga ama, huwag ninyong ibuyo sa kagalitan ang inyong mga anak, **Ef.** 6:1–4. Naturuan ako ng lahat halos ng karunungan ng aking ama, **1 Ne.** 1:1. Makatarungang tao ang aking ama—sapagkat tinuruan niya ako, **Enos** 1:1. Nanalangin si Alma para sa kanyang anak, **Mos.** 27:14. Nagbigay si Alma ng mga kautusan sa kanyang mga anak, **Alma** 36–42. Pinangalanan ni Helaman ang kanyang mga anak alinsunod sa pangalan ng kanilang mga ninuno, **Hel.** 5:5–12. Laging inaalaala ni Mormon ang kanyang anak sa kanyang mga panalangin, **Moro.** 8:2–3. Maaaring hingin ang mahahalagang bagay sa kamay ng mga ama, **D at T** 29:48. Tungkulin ng bawat tao na tustusan ang kanyang sariling mag-anak, **D at T** 75:48. Inutusan niya ako na magtungo sa aking ama, **JS—K** 1:49.

**AMA SA LANGIT.** *Tingnan din sa* Diyos, Panguluhang Diyos

Ang Ama ng mga espiritu ng buong sangkatauhan (Awit 82:6; Mat. 5:48; Juan 10:34; Rom. 8:16–17; Gal. 4:7; 1 Juan 3:2). Si Jesus ang kanyang Bugtong na Anak sa laman. Inuutusan ang tao na sumunod at magbigay-galang sa Ama at manalangin sa kanya sa pangalan ni Jesus.

Kung patatawarin mo ang mga tao, patatawarin ka rin ng iyong Ama sa langit, **Mat.** 6:14 (Mat. 18:35; 3 Ne. 13:14). Nalalaman ng iyong Ama sa langit na kailangan mo ang lahat ng bagay na ito, **Mat.** 6:26–33 (3 Ne. 13:26–33). Gaano pa kaya ang inyong Amang nasa langit na magbibigay ng Banal na Espiritu sa kanila na humihiling? **Lu.** 11:11–13. Purihin nawa ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesucristo, **Ef.** 1:3. Kayo ay may walang hanggang pagkakautang sa inyong Ama sa langit, **Mos.** 2:34. Niluwalhati ni Cristo ang pangalan ng Ama, **Eter** 12:8. Dapat magpatotoo ang mga banal ng kanilang mga pag-uusig bago lumabas ang Ama mula sa kanyang pinagkukublihang lugar, **D at T** 123:1–3, 6. Naranasan namin ang dakila at maluwalhating mga pagpapala mula sa aming Ama sa Langit, **JS—K** 1:73.

**AMALECITA, MGA** (Lumang Tipan)

Isang liping Arabo na nabuhay sa disyerto ng Paran sa pagitan ng Araba at ng Mediterania. Sila ay malimit na nakikipagdigma sa mga Hebreo mula pa noong panahon ni Moises (Ex. 17:8) hanggang kina Saul at David (1 Sam. 15; 27:8; 30; 2 Sam. 8:11–12).

**AMALEKITA, MGA** (Aklat ni Mormon)

Isang pangkat ng mga tumalikod na Nephita na namuno sa mga Lamanita sa pakikidigma laban sa mga Nephita (Alma 21–24, 43).

**AMALIKEO**

Sa Aklat ni Mormon, isang taksil na Nephita na nagtamo ng kapangyarihan sa mga Lamanita at namuno sa kanila laban sa mga Nephita (Alma 46–51).

**AMANG WALANG HANGGAN.** *Tingnan sa* Ama sa Langit; Diyos, Panguluhang Diyos

**AMEN.** *Tingnan din sa* Panalangin

Ibig sabihin "siya nawa" o "gayon nga". Ang *Amen* ay sinasabing nagpapakita ng buong puso o taimtim na pagtanggap at pagsang-ayon (Deut. 27:14–26) o katapatan (1 Hari 1:36). Ngayon sa pagtatapos ng mga panalangin, patotoo, at talumpati, yaong mga nakarinig sa panalangin o mensahe ay nagsasabi ng naririnig na *amen* bilang pagpapakita ng pagsang-ayon at pagtanggap.

Sa panahon ng Lumang Tipan, ang isang tao ay nagsasabi ng *amen* kapag nakikipagtipan (1 Cron. 16:7, 35–36; Neh. 5:13; 8:2–6). Si Cristo ay tinatawag na "Amen, ang tapat at tunay na saksi" (Apoc. 3:14). Ang *Amen* ay nagsisilbi ring tanda ng tipan sa paaralan ng mga propeta (D at T 88:133–35).

**AMLICI; AMLICITA, MGA**

Isang lalaki sa Aklat ni Mormon na namuno sa isang pangkat ng mga Nephita na nagnanais na magkaroon ng hari noong panahon ng panunungkulan ng mga hukom. Ang mga Nephitang ito, na tinatawag na mga Amlicita, ay hayagang naghimagsik laban sa Diyos, na siyang dahilan ng kanilang pagkakasumpa (Alma 2–3).

**AMMON, ANAK NI MOSIAS.** *Tingnan din sa* Anti-Nephi-Lehi; Mosias, Anak ni Benjamin; Mosias, Mga Anak ni

Sa Aklat ni Mormon, anak ni Haring Mosias. Naglingkod si Ammon bilang isang misyonero na ang masigasig na pagsusumikap ay nakatulong sa maraming kaluluwa na magbalik-loob kay Cristo.

Isang hindi naniniwala noon na naghangad wasakin ang Simbahan, **Mos.** 27:8–10, 34. Isang anghel ang nagpakita sa kanya at sa kanyang mga kasamahan, **Mos.** 27:11. Nagsisi at nagsimulang mangaral ng salita ng Diyos, **Mos.** 27:32–28:8. Tumangging maging hari at sa halip ay nagtungo sa lupain ng mga Lamanita upang ipangaral ang salita ng Diyos, **Alma** 17:6–9. Nagayuno at nanalangin upang mapatnubayan, **Alma** 17:8–11. Nakagapos na iniharap kay Haring Lamoni, **Alma** 17:20–21. Iniligtas ang mga kawan ni Lamoni, **Alma** 17:26–39. Nangaral kay Lamoni, **Alma** 18:1–19:13. Nagpasalamat sa Diyos at nadaig ng kagalakan, **Alma** 19:14. Ang mga napabalik-loob niya kailanman ay hindi nagsitalikod, **Alma** 23:6. Nagsaya sa pagiging kasangkapan sa mga kamay ng Diyos sa pagdadala ng libu-libo sa katotohanan, **Alma** 26:1–8 (Alma 26:1–37). Inakay ang mga tao ni Anti-Nephi-Lehi sa kaligtasan, **Alma** 27. Nakadama ng malaking kagalakan nang makita ang kanyang mga kapatid, **Alma** 27:16–18.

**AMMON, INAPO NI ZARAHEMLA.** *Tingnan din sa* Limhi

Sa Aklat ni Mormon, isang malakas at makapangyarihang lalaki na namuno sa espedisyon mula sa Zarahemla patungo sa lupain ng Lehi-Nephi (Mos. 7:1–16). May ipinakita sa kanya na mga sinaunang talaan, at ipinaliwanag niya kung ano ang isang tagakita (Mos. 8:5–18). Di naglaon tinulungan niyang makalaya si Haring Limhi at ang kanyang mga tao mula sa mga Lamanita at nagdala sa kanila pabalik sa Zarahemla (Mos. 22).

**AMOS**

Isang propeta sa Lumang Tipan na nagpropesiya mula noong humigit-kumu-

lang 792 hanggang 740 B.C. noong kapanahunan ni Uzzias, hari ng Juda, at Jeroboam, hari ng Israel.

*Ang aklat ni Amos:* Isang aklat sa Lumang Tipan. Marami sa mga propesiya ni Amos ang nagbababala sa Israel at sa mga karatig bansa nito na magbalik sa kabutihan.

Sa mga kabanata 1–5 ay tinatawagan ang Israel at mga karatig bansa nito na magsipagsisi. Ipinaliliwanag ng kabanata 3 na nagpapahayag ang Panginoon ng kanyang mga lihim sa mga propeta at na dahil sa paglabag, ang Israel ay mawawasak ng isang kaaway. Iprinopesiya sa mga kabanata 6–8 ang pagbagsak ng Israel maraming taon bago pa ang paglusob ng Asiria. Iprinopropesiya ng kabanata 9 ang pagbabalik ng Israel sa sarili nitong lupain.

**AMULEK.** *Tingnan din sa* Alma, Anak ni Alma

Sa Aklat ni Mormon, ang misyonerong katuwang ng Nakababatang Alma.

Dinalaw ng isang anghel, **Alma** 8:20; 10:7. Tinanggap si Alma sa kanyang tahanan, **Alma** 8:21–27. Nangaral nang may kapangyarihan sa mga tao ng Ammonihas, **Alma** 8:29–32; 10:1–11. Isang inapo nina Nephi, Lehi, at Manases, **Alma** 10:2–3. Nagpatotoo sa katotohanan, **Alma** 10:4–11. Nangaral ng pagsisisi sa mga tao at tinanggihan, **Alma** 10:12–32. Nakipagtalo kay Zisrom, **Alma** 11:20–40. Nagturo tungkol sa pagkabuhay na mag-uli, paghuhukom, at panunumbalik, **Alma** 11:41–45. Nagnais pigilin ang pagpatay sa mga naniniwala na mga martir, **Alma** 14:9–10. Nabilanggong kasama ni Alma, **Alma** 14:14–23. Nakalaya mula sa pagkakagapos sa bilangguan sa pamamagitan ng pananampalataya, **Alma** 14:24–29. Nagpatotoo tungkol sa pagbabayad-sala, awa, at katarungan, **Alma** 34:8–16. Nagturo tungkol sa panalangin, **Alma** 34:17–28. Hinikayat ang mga tao na huwag ipagpaliban ang pagsisisi, **Alma** 34:30–41. Ang pananampalataya nina Alma at Amulek ang nagpabuwal sa mga pader ng bilangguan, **Eter** 12:13.

**ANA** (Bagong Tipan)

Sa Bagong Tipan, isang propetisa ng lipi ni Aser. Noong panahong isilang si Jesus, siya ay isa nang may gulang na balo. Nakita niya ang sanggol na si Jesus sa pagdadala sa kanya sa templo at nakilalang siya ang Manunubos (Lu. 2:36–38).

**ANA** (Lumang Tipan). *Tingnan din sa* Samuel, Propeta ng Lumang Tipan

Ang ina ni Samuel, na isang propeta sa Lumang Tipan. Ibinigay ng Panginoon si Samuel kay Ana bilang kasagutan sa kanyang mga panalangin (1 Sam. 1:11, 20–28). Inilaan ni Ana si Samuel sa Panginoon. Ang kanyang awit ng pasasalamat ay maaaring ihalintulad doon sa pasasalamat ni Maria, ang ina ni Jesus (1 Sam. 2:1–10; Lu. 1:46–55).

**ANAK, MGA ANAK.** *Tingnan sa* Bata, Mga Bata

**ANAK NA LALAKI AT BABAE NG DIYOS, MGA.** *Tingnan din sa* Anak ni Cristo, Mga; Bayad-sala, Pagbabayad-sala; Isilang na Muli, Isinilang sa Diyos; Isinilang; Tao, Mga Tao

Ginagamit ng mga banal na kasulatan ang mga katawagang ito sa dalawang pamamaraan. Sa isang kahulugan, lahat tayo ay literal na mga espiritung anak ng ating Ama sa Langit. Sa iba pang kahulugan, ang mga anak na lalaki at babae ng Diyos ay yaong mga isinilang muli sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo.

*Mga espiritung anak ng Ama:* Kayo'y mga diyos, mga anak ng Kataas-taasan, **Awit** 82:6. Tayo ay mga anak ng Diyos, **Gawa** 17:29. Tayo'y pasasakop sa Ama ng mga espiritu, **Heb.** 12:9. Ako ay anak ng Diyos, **Moi.** 1:13.

*Ang mga anak na isinilang muli sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala:* Ang lahat ng sa kanya'y nagsitanggap, ay pinagkalooban niya sila ng karapatang ma-

ging mga anak ng Diyos, **Juan** 1:12 (Rom. 8:14; 3 Ne. 9:17; D at T 11:30). Ngayon ay mga anak tayo ng Diyos, **1 Juan** 3:1–2. Kayo ay tatawaging mga anak ni Cristo, mga anak niyang lalaki at mga anak niyang babae, **Mos.** 5:7. Kinakailangang isilang na muli ang lahat ng tao, upang maging mga anak niyang lalaki at babae, **Mos.** 27:25. Sila ay magiging aking mga anak na lalaki at babae, **Eter** 3:14. Kayo ay tiyak na magiging isang anak ni Cristo, **Moro.** 7:19. Silang lahat na tumanggap ng aking ebanghelyo ay mga anak na lalaki at mga anak na babae, **D at T** 25:1. Sila ay mga diyos, maging ang mga anak ng Diyos, **D at T** 76:58. Sa gayon maaaring ang lahat ay maging aking mga anak, **Moi.** 6:68. Marami ang naniwala at naging mga anak ng Diyos, **Moi.** 7:1.

**ANAK NA LALAKI NG KAPAHAMAKAN, MGA.** *Tingnan din sa* Diyablo; Impiyerno; Kamatayan, Espirituwal na; Kapahamakan; Walang Kapatawarang Kasalanan

Mga tagasunod ni Satanas na magdurusang kasama siya sa kawalanghanggan. Kabilang sa mga anak na lalaki ng kapahamakan ang (1) yaong mga sumunod kay Satanas at pinalayas sa kalangitan dahil sa pakikipaglaban noong bago tayo naging mortal, at (2) yaong mga pinahintulutang isilang sa mundong ito na may katawan subalit pinaglingkuran si Satanas at lubusang tumalikod sa Diyos. Yaong mga nasa pangalawang pangkat ay mabubuhay na mag-uli mula sa kamatayan subalit hindi matutubos buhat sa ikalawang (espirituwal) kamatayan at hindi maaaring makapanahanan sa isang kaharian ng kaluwalhatian (D at T 88:32, 35).

Walang napahamak isa man sa kanila kundi ang anak na lalaki ng kapahamakan, **Juan** 17:12. Hindi maaaring baguhin silang muli sa pagsisisi, **Heb.** 6:4–6 (Heb. 10:26–29). Ang awa ay hindi makaaangkin sa taong yaon at ang pangwakas niyang kahatulan ay magtiis ng isang walang katapusang pagdurusa, **Mos.** 2:36–39. Para bang walang ginawang pagtubos sa kanya, **Mos.** 16:5. Sila na nagtatatwa sa mga himala ni Cristo upang makinabang ay magiging katulad ng anak na lalaki ng kapahamakan, **3 Ne.** 29:7. Wala silang kapatawaran sa daigdig na ito o sa daigdig na darating, **D at T** 76:30–34 (D at T 84:41; 132:27). Sila lamang ang hindi matutubos sa pangalawang kamatayan, **D at T** 76:34–48. Itinakwil ng mga anak na lalaki ng kapahamakan ang Banal na Espiritu matapos matanggap ito, **D at T** 76:35. Itinakwil ng mga anak na lalaki ng kapahamakan ang Anak matapos siyang ipahayag ng Ama, **D at T** 76:43. Tatawagin si Cain na Kapahamakan, **Moi.** 5:22–26.

**ANAK NI CRISTO, MGA.** *Tingnan din sa* Anak na Lalaki at Babae ng Diyos, Mga; Isinilang; Isilang na Muli, Isinilang sa Diyos; Jesucristo

Yaong mga tumanggap sa ebanghelyo ni Jesucristo.

Sinuman ang magpapakumbaba ng kanyang sarili na gaya ng mga bata ay siyang pinakadakila, **Mat.** 18:1–4. Maniwala sa liwanag upang kayo ay maging mga anak ng liwanag, **Juan** 12:36. Hubarin ang likas na tao at maging gaya ng isang bata, **Mos.** 3:19; 27:25–26. Dahil sa tipan kayo ay tatawaging mga anak ni Cristo, **Mos.** 5:7. Kung kayo ay mananangan sa bawat mabuting bagay, kayo ay tiyak na magiging isang anak ni Cristo, **Moro.** 7:19. Kasindami ng tumanggap sa akin, ako ay nagbigay ng kapangyarihan na maging aking mga anak, **D at T** 39:4. Huwag matakot, maliliit na bata, sapagkat kayo ay sa akin, **D at T** 50:40–41. Ikaw ay kaisa ko, isang anak ng Diyos, **Moi.** 6:68.

**ANAK NI HELAMAN, MGA.** *Tingnan sa* Helaman, Mga Anak ni

**ANAK NI ISRAEL, MGA.** *Tingnan sa* Israel

**ANAK NI MOSIAS, MGA.** *Tingnan sa* Mosias, Mga Anak ni

**ANAK NG DIYOS.** *Tingnan sa* Diyos, Panguluhang Diyos; Jesucristo

**ANAK NG DIYOS, MGA.** *Tingnan sa* Anak na Lalaki at Babae ng Diyos, Mga; Tao, Mga Tao

**ANAK NG TAO.** *Tingnan din sa* Diyos, Panguluhang Diyos; Jesucristo

Isang katawagang ginagamit ni Jesus kung sarili niya ang pinag-uusapan (Lu. 9:22; 21:36). Ang ibig sabihin nito ay Anak ng Taong Banal. Isa sa mga pangalan ng Diyos Ama ay Taong Banal. Nang tinawag ni Jesus ang kanyang sarili na Anak ng Tao, lantad na pagpapahayag ito ng banal na kaugnayan niya sa Ama. Kadalasang natatagpuan ang katawagang ito sa mga Ebanghelyo. Pinatutunayan ng paghahayag sa huling araw ang di pangkaraniwang kahulugan at kabanalan ng pangalang ito ng Tagapagligtas (D at T 45:39; 49:6, 22; 58:65; Moi. 6:57).

**ANANIAS NG DAMASCO.** *Tingnan din sa* Pablo

Isang Cristiyanong disipulo sa Damasco na nagbinyag kay Pablo (Gawa 9:10–18; 22:12).

**ANANIAS NG JERUSALEM**

Sa Bagong Tipan, siya at ang kanyang asawang si Safira, ay nagsinungaling sa Panginoon sa pamamagitan ng paglilingid ng isang bahagi ng salapi na kanilang inilaan sa Panginoon. Nang harapin sila ni Pedro, kapwa sila nalugmok sa lupa at namatay (Gawa 5:1–11).

**ANAS.** *Tingnan din sa* Caifas

Sa Bagong Tipan, isang lalaking may malakas na impluwensiya sa mga Sanhedrin. Nang dakpin si Jesus, sa kanya ito unang iniharap (Juan 18:13); siya ay nanguna rin sa paglilitis sa mga Apostol (Gawa 4:3–6).

**ANDRES**

Sa Bagong Tipan, kapatid ni Simon Pedro at isa sa Labindalawang Apostol na tinawag ni Jesus noong panahon ng kanyang ministeryo sa buhay na ito (Mat. 4:18–19; Mar. 1:16–18, 29).

**ANTAS NG KALUWALHATIAN, MGA.** *Tingnan din sa* Kaluwalhatiang Selestiyal; Kaluwalhatiang Telestiyal; Kaluwalhatiang Terestriyal

Ang iba't ibang kaharian sa langit. Sa huling paghuhukom, matatalaga ang bawat tao sa isang walang hanggang lugar na mapananahanan sa isang tiyak na kaharian ng kaluwalhatian, maliban sa mga yaong anak na lalaki ng Kapahamakan.

Sinabi ni Jesus, Sa bahay ng aking Ama ay maraming mansiyon, **Juan** 14:2 (Eter 12:32). May isang kaluwalhatian ang araw, at iba ang sa buwan, at iba ang sa mga bituin, **1 Cor.** 15:40–41. Dinala si Pablo sa ikatlong langit, **2 Cor.** 12:2. May isang lugar na walang kaluwalhatian at walang hanggang kaparusahan, **D at T** 76:30–38, 43–45. May tatlong antas ng kaluwalhatian, **D at T** 76:50–113; 88:20–32.

**ANTI-CRISTO.** *Tingnan din sa* Diyablo

Sinuman o anumang bagay na nanghuhuwad sa totoong ebanghelyo ng plano ng kaligtasan at hayagan o lihim na sumasalungat kay Cristo. Inilarawan ni Juan na Tagapaghayag ang anti-Cristo na isang manlilinlang (1 Juan 2:18–22; 4:3–6; 2 Juan 1:7). Si Lucifer ang pangunahing anti-Cristo, subalit marami siyang mga katulong, kapwa mga espiritung nilikha at tao.

Ang anak na lalaki ng kapahamakan ay sumasalungat at dinadakila ang kanyang sarili nang higit sa lahat na tinatawag na Diyos, **2 Tes.** 2:1–12. Kanyang nililinlang sila na mga naninirahan sa mundo sa pamamagitan ng mga himala, **Apoc.** 13:13–17. Itinatwa ni Serem ang Cristo at nalinlang ang marami, **Jac.** 7:1–23. Nagturo si Nehor ng mga maling doktrina, nagtatag ng simbahan, at pinasimulan ang huwad na pagka-

saserdote, **Alma** 1:2–16. Nilait ni Korihor si Cristo, ang pagbabayad-sala, at ang diwa ng propesiya, **Alma** 30:6–60.

**ANTI-NEPHI-LEHI.** *Tingnan din sa* Ammon, Anak ni Mosias; Helaman, Mga Anak ni; Mosias, Mga Anak ni

Sa Aklat ni Mormon, ang pangalang ibinigay sa mga Lamanitang napagbalik-loob ng mga anak ni Mosias. Matapos ang kanilang pagbabalik-loob, ang mga taong ito, na tinawag ding mga tao ni Ammon, ay habang buhay na naging matapat (Alma 23:4–7, 16–17; 27:20–27).

Dinala nila ang pangalang Anti-Nephi-Lehi, **Alma** 23:16–17; 24:1. Tumanggi silang magpadanak ng dugo at ibinaon ang kanilang mga sandata ng digmaan, **Alma** 24:6–19. Naghanda para sa pakikidigma ang kanilang mga anak at pinili si Helaman bilang pinuno nila, **Alma** 53:16–19; 56–58 (kilala rin ang mga anak na ito bilang 2,000 kabataang mandirigma).

**ANGHEL, MGA**

May dalawang uri ng mga nilikha sa langit na tinatawag na mga anghel: yaong mga espiritu at yaong may mga katawang may laman at buto. Ang mga anghel na espiritu ay hindi pa nakatatanggap ng katawang may laman at buto, o sila ay mga espiritu na minsan nang nagkatawang lupa at naghihintay sa pagkabuhay na mag-uli. Ang mga anghel na may mga katawang may laman at buto ay maaaring nabuhay nang mag-uli mula sa patay o nagbagong-kalagayan.

Maraming sanggunian sa banal na kasulatan tungkol sa gawain ng mga anghel. Kung minsan ang mga anghel ay nangungusap sa tinig ng kulog habang kanilang sinasabi ang mga mensahe ng Diyos (Mos. 27:11–16). Ang mabubuting tao ay maaari ring tawaging mga anghel (PJS, Gen. 19:15). Ang ilan sa mga anghel ay naglilingkod sa paligid ng trono ng Diyos sa langit (Alma 36:22).

Nasasaad din sa mga banal na kasulatan ang tungkol sa mga anghel ng diyablo. Sila ang mga espiritu ng mga yaong sumunod kay Lucifer at pinalayas mula sa kinaroroonan ng Diyos bago pa ang buhay na ito at itinapon sa mundo (Apoc. 12:1–9; 2 Ne. 9:9, 16; D at T 29:36–37).

Nakakita si Jacob ng mga anghel ng Diyos na nagpapanhik-panaog, **Gen.** 28:12. Sinalubong si Jacob ng mga anghel ng Diyos, **Gen.** 32:1–2. Harap-harapang nakakita si Gideon ng anghel ng Panginoon, **Huk.** 6:22. Iniunat ng isang anghel ang kanyang kamay sa Jerusalem upang wasakin ito, **2 Sam.** 24:16. Isang anghel ang kumalabit kay Elijah at sinabi sa kanya, Gumising at kumain, **1 Hari** 19:5–7. Nakita ni Daniel ang anghel na si Gabriel sa isang pangitain, **Dan.** 8:15–16. Tinulungan ng anghel na si Miguel si Daniel, **Dan.** 10:13. Ang anghel na si Gabriel ay isinugo ng Diyos, **Lu.** 1:19, 26–27. Ang mga anghel ng diyablo ay ilalaan sa tanikala sa paghuhukom, **Jud.** 1:6 (2 Ped. 2:4). Nakakita ang mga tao ng mga anghel na bumababa mula sa langit, **3 Ne.** 17:24. Sumulat si Moroni ng tungkol sa paglilingkod ng mga anghel, **Moro.** 7:25–32. Ang Pagkasaserdoteng Aaron ang may hawak ng mga susi ng paglilingkod ng mga anghel, **D at T** 13. Sina Moroni, Juan Bautista, Pedro, Santiago, Juan, Moises, Elijah, at Elias ay naglingkod na lahat kay Joseph Smith bilang mga anghel, **D at T** 27:5–12. Hindi ninyo matatagalan ang paglilingkod ng mga anghel, **D at T** 67:13. Si Miguel, ang arkanghel, ay si Adan, **D at T** 107:54. Ang mga anghel ay mga nilikha na nabuhay nang mag-uli, na may mga katawang may laman at buto, **D at T** 129. Walang mga anghel na naglilingkod sa mundong ito kundi yaong nabibilang dito, **D at T** 130:5. Ang mga taong hindi sumusunod sa batas ng Diyos na walang hanggang kasal ay hindi ikinasal o ipinakasal; kundi mga itinalagang anghel sa langit, **D at T** 132:16–17.

**ANYO.** *Tingnan sa* Mukha

**APOCALIPSIS.** *Tingnan din sa* Paghahayag ni Juan

Ang aklat ng Apocalipsis, ang huling aklat sa Bagong Tipan; nangangahulugan din ng anumang kahanga-hangang paghahayag; mula sa isang salitang Griyego na nangangahulugang "ipinahayag" o "isiniwalat."

**APOCRIPA.** *Tingnan din sa* Banal na Kasulatan, Mga; Biblia

Mga banal na aklat ng mga Judio na hindi ibinilang sa Bibliang Hebreo subalit pinanatili sa mga Biblia ng ilang mga Cristiyanong simbahan. Malimit na ang mga aklat na ito ay mahalaga sa pag-uugnay ng Luma at Bagong Tipan at ipinalalagay sa Simbahan na mga makatutulong na babasahin.

Halos ang Apocripa ay naisalin nang tama subalit may kalakip na mga maling karagdagan, **D at T** 91:1–3. Kapaki-pakinabang ang Apocripa sa mga yaong naliwanagan ng Espiritu, **D at T** 91:4–6.

**APOSTOL.** *Tingnan din sa* Disipulo; Paghahayag

Sa salitang Griyego, ang *apostol* ay nangangahulugang "isang isinugo". Ito ang itinawag ni Jesus sa Labindalawang pinili niya at inordenan na maging kanyang mga pinakamalapit na disipulo at katulong sa panahon ng kanyang ministeryo sa mundo (Lu. 6:13; Juan 15:16). Kanyang isinugo sila upang kumatawan sa kanya at maglingkod sa kanya matapos ang pag-akyat niya sa langit. Kapwa noong sinauna at sa Korum ng Labindalawang Apostol ng nanumbalik na Simbahan ngayon, ang isang Apostol ay natatanging saksi ni Jesucristo sa buong daigdig na magpapatotoo sa kanyang kabanalan at sa kanyang pagkabuhay na mag-uli mula sa patay (Gawa 1:22; D at T 107:23).

Ang simbahan ni Cristo ay itinatag sa saligan ng mga apostol at propeta, **Ef.** 2:20; 4:11. Nakita nina Lehi at Nephi ang labindalawang apostol na sumusunod kay Jesus, **1 Ne.** 1:10; 11:34. Ang mga apostol ang hahatol sa sambahayan ni Israel, **Morm.** 3:18. Sila na mga hindi nakikinig sa mga salita ng mga propeta at apostol ay mahihiwalay, **D at T** 1:14 (3 Ne. 12:1). Ipinahayag ang tungkulin at misyon ng Labindalawa, **D at T** 18:26–36. Si Joseph Smith ay inordenang apostol, **D at T** 20:2; 21:1. Ang mga apostol ay mga natatanging saksi sa pangalan ni Cristo at may hawak ng mga susi ng ministeryo, **D at T** 27:12 (D at T 112:30–32). Labindalawang Apostol ang bumubuo sa isang korum pantay sa kapangyarihan sa Unang Panguluhan, **D at T** 107:23–24. Ang Labindalawa ang Naglalakbay na Namumunong Mataas na Kapulungan, **D at T** 107:33. Hawak ng mga apostol ang mga susi ng gawaing pangmisyonero, **D at T** 107:35. Inilarawan ang ilan sa mga tungkulin ng mga Apostol, **D at T** 107:58. Sinasabi ko sa lahat ng Labindalawa: sumunod sa akin, at pakainin ang aking mga tupa, **D at T** 112:14–15. Naniniwala kami sa mga apostol, **S ng P** 1:6.

*Pagpili sa mga Apostol:* Ang Panginoon ang pumipili sa mga Apostol (Juan 6:70; 15:16).

Sa kanyang mga disipulo, pumili si Jesus ng labindalawang apostol, **Lu.** 6:13–16. Napili si Matias na maging apostol, **Gawa** 1:21–26. Inutusan sina Oliver Cowdery at David Whitmer na hanapin ang Labindalawa, **D at T** 18:37–39.

**APOY.** *Tingnan din sa* Espiritu Santo; Mundo—Paglilinis ng mundo; Impiyerno; Pagbibinyag, Binyagan

Isang sagisag ng paglilinis, pagdadalisay, o pagpapabanal. Ginagamit din ang apoy bilang isang sagisag ng pakikipagharap ng Diyos.

Ang iyong Diyos ay isang apoy na tumutupok, **Deut.** 4:24. Ginawa ng Panginoon ang kanyang mga tagapaglingkod na nag-aalab na apoy, **Awit** 104:4. Dadalawin sila ng Panginoon ng mga Hukbo sa pamamagitan ng

alab ng nagniningas na apoy, **Is.** 29:6 (2 Ne. 27:2). Paparito ang Panginoon na may apoy, **Is.** 66:15. Siya ay katulad ng apoy ng isang maglalantay, **Mal.** 3:2 (3 Ne. 24:2; D at T 128:24). Bibinyagan ka niya ng Espiritu Santo at ng apoy, **Mat.** 3:11 (Lu. 3:16). Pangangalagaan ang mabubuti sa pamamagitan ng apoy, **1 Ne.** 22:17. Lilipulin ang masasama sa pamamagitan ng apoy, **2 Ne.** 30:10. Ipinaliwanag ni Nephi kung paano natin matatanggap ang pagbibinyag ng apoy at ng Espiritu Santo, **2 Ne.** 31:13–14 (3 Ne. 9:20; 12:1; 19:13; Eter 12:14; D at T 33:11). Iyong ipahahayag ang kapatawaran ng mga kasalanan sa pamamagitan ng pagbibinyag, at sa pamamagitan ng apoy, **D at T** 19:31. Ang makapangyarihan at karumal-dumal na simbahan ay pababagsakin sa pamamagitan ng mapanupok na apoy, **D at T** 29:21. Ang mundo ay papanaw maging sa pamamagitan ng apoy, **D at T** 43:32. Ang pagharap ng Panginoon ay magiging tulad ng pantunaw na apoy, **D at T** 133:41. Nabinyagan si Adan ng apoy at ng Espiritu Santo, **Moi.** 6:66.

**ARAW NG PANGINOON.** *Tingnan sa* Araw ng Sabbath; Ikalawang Pagparito ni Jesucristo; Paghuhukom, Ang Huling

**ARAW NG SABBATH.** *Tingnan din sa* Kapahingahan; Likha, Paglikha

Isang banal na araw na inilaan sa loob ng isang linggo para sa pamamahinga at pagsamba. Matapos likhain ng Diyos ang lahat ng bagay, namahinga siya sa ikapitong araw at nag-utos na ang isang araw sa loob ng isang linggo ay maging araw ng pamamahinga upang matulungan ang mga taong maalaala siya (Ex. 20:8–11).

Bago ang pagkabuhay na mag-uli ni Cristo, ipinangilin na ng mga kasapi ng Simbahan ang huling araw ng isang linggo bilang araw ng Sabbath, tulad ng ginawa ng mga Judio. Pagkaraan ng pagkabuhay na mag-uli, ang mga kasapi ng Simbahan, maging mga Judio o Gentil man, ay ipinangilin ang unang araw sa loob ng isang linggo (ang araw ng Panginoon) upang alalahanin ang pagkabuhay na mag-uli ng Panginoon. Patuloy na ipinangilin ng mga kasapi ng Simbahan ngayon ang isang araw sa loob ng isang linggo bilang isang banal na araw ng sabbath upang sambahin ang Diyos at mamahinga mula sa mga gawaing pandaigdig.

Ang Sabbath ay nagpapagunita sa tao ng kanilang pangangailangan para sa espirituwal na pagkain at sa tungkulin nilang sumunod sa Diyos. Kapag nagsimulang magpabaya ang isang bansa sa pagtupad sa Sabbath, ang buong pananaw ng buhay ay naaapektuhan at ang pangrelihiyong pamumuhay nito (Neh. 13:15–18; Jer. 17:21–27).

Nagpahinga ang Diyos sa ikapitong araw, **Gen.** 2:1–3. Hindi namulot ng manna ang mga anak ni Israel nang sabbath, **Ex.** 16:22–30. Alalahanin mo ang araw ng sabbath, upang pabanalin ito, **Ex.** 20:8–11 (Mos. 13:16–19). Ang sabbath ay ibinigay bilang isang tanda sa Diyos at sa tao, **Ex.** 31:12–17 (Ez. 20:12, 20). Hindi tayo dapat magsilbi o mamili sa araw ng sabbath, **Neh.** 10:31. Tawagin ang sabbath na kaluguran, pinararangalan ang Panginoon at hindi ka hahanap ng iyong sariling kalayawan, **Is.** 58:13–14. Ginawa ang sabbath ng dahil sa tao, at di ang tao ng dahil sa sabbath, **Mar.** 2:23–28. Ang Anak ng tao ay Panginoon ng sabbath, **Lu.** 6:1–10. Si Jesus ay nagturo sa isang sinagoga at nagpagaling sa araw ng sabbath, **Lu.** 13:10–14. Pinabanal ng mga Nephita ang araw ng sabbath, **Jar.** 1:5. Sundin ang araw ng sabbath upang pabanalin ito, **Mos.** 18:23. Ialay ang inyong sakramento sa aking banal na araw, **D at T** 59:9–13. Gagawing banal ng mga naninirahan sa Sion ang araw ng sabbath, **D at T** 68:29. Ako, ang Diyos, ay nagpahinga sa ikapitong araw mula sa lahat ng aking gawain, **Moi.** 3:1–3 (Gen. 2:1–3; Abr. 5:1–3).

**ARKA.** *Tingnan din sa* Baha sa Panahon ni Noe; Bahaghari; Noe, Patriyarka sa Biblia

Sa Lumang Tipan, ang daong na ginawa ni Noe upang magligtas ng buhay noong panahon ng malaking baha.

Gumawa ka ng isang arka ng kahoy ng gofer, **Gen.** 6:14. Sumadsad ang arka sa mga bundok ng Ararat, **Gen.** 8:4. Ang mga gabara ng mga Jaredita ay mahihigpit na tulad ng arka ni Noe, **Eter** 6:7.

**ARKANGHEL.** *Tingnan din sa* Adan; Miguel

Si Miguel, o Adan, ang arkanghel o punong anghel.

Ang Panginoon ay bababa mula sa langit na may isang sigaw, kasama ang tinig ng arkanghel, **1 Tes.** 4:16. Si Miguel ang arkanghel, **Jud.** 1:9 (D at T 29:26; 88:112; 128:20–21).

**ARMAGEDON.** *Tingnan din sa* Gog; Ikalawang Pagparito ni Jesucristo; Magog

Ang pangalang *Armagedon* ay kinuha mula sa salitang Hebreo na *Har Megiddo,* na nangangahulugang "bundok ng Megiddo." Ang lambak ng Megiddo ay nasa kanlurang bahagi ng mga kapatagan ng Esdraelon, na walumpung kilometro sa hilaga ng Jerusalem, at pook ng ilang madugong digmaan sa panahon ng Lumang Tipan. Ang malaki at huling labanang magaganap na malapit sa panahon ng ikalawang pagparito ng Panginoon ay tinatawag na digmaan sa Armagedon dahil sa magsisimula ito sa lugar ding yaon. (Tingnan sa Ez. 39:11; Zac. 12–14, lalo na ang 12:11; Apoc. 16:14–21.)

**ASA**

Sa Lumang Tipan, ang ikatlong hari ng Juda. Natatala sa mga banal na kasulatan na ang kanyang "puso ay ganap sa Panginoon nang buong kapanahunan niya" (1 Hari 15:14). Sa panahon ng kanyang paghahari ay naiangat niya ang kasanayan ng hukbo, naitapon ang singkaw ng mga taga-Egipto, naialis ang mga diyus-diyusan, at naanyayahan ang mga tao na makipagtipang hanapin si Jehova (1 Hari 15–16; 2 Cron. 14–16). Gayunman, nang magkaroon siya ng sakit sa mga paa, hindi niya hiningi ang tulong ng Panginoon at namatay (1 Hari 15:23–24; 2 Cron. 16:12–13).

**ASAWANG BABAE.** *Tingnan sa* Kasal, Pagpapakasal; Mag-anak

**ASAWANG LALAKI.** *Tingnan sa* Kasal, Pagpapakasal; Mag-anak

**ASER.** *Tingnan din sa* Israel; Jacob, Anak ni Isaac

Sa Lumang Tipan, anak ni Jacob at Zilpa, na alila ni Lea (Gen. 30:12–13).

*Ang lipi ni Aser:* Binasbasan ni Jacob si Aser (Gen. 49:20), at binasbasan ni Moises ang mga inapo ni Aser (Deut. 33:1, 24–29). Ang mga inapong ito ay tinawag na "makapangyarihang kalalakihan na may tapang" (1 Cron. 7:40).

**ASIN**

Ginagamit bilang isang mahalagang sangkap na pampatagal ng pagkain noong sinaunang kabihasnan; itinuturing itong mahalaga sa buhay.

Ang asawa ni Lot ay naging haliging asin, **Gen.** 19:26. Kayo ang asin ng lupa, **Mat.** 5:13 (Lu. 14:34; 3 Ne. 12:13). Itinuturing bilang asin sa lupa ang mga pinagtipanang tao ng Panginoon, **D at T** 101:39–40. Kung ang mga Banal ay hindi tagapagligtas ng mga tao, sila ay tulad ng asin na nawalan ng lasa, **D at T** 103:9–10.

**ASIRIA**

Isang sinaunang imperyo na, tulad ng katunggali nitong Babilonia, ay namahala sa marami sa mga lumang estado ng Siria at Palestina sa halos buong panahon ng Lumang Tipan. Bagaman nagkaroon ng malaking kapangyarihan ang mga taga-Asiria mula sa kalagitnaan ng ika-12 daang taon B.C. hanggang sa pagwawakas ng ika-7 daang taon B.C., kailanman ay hindi nila nagawang makapagtatag ng isang matibay na pamunuan. Namahala sila sa pamamagitan ng paninindak, winawasak ang ka-

nilang mga kaaway sa pamamagitan ng apoy at espada o pinahihina sila sa pamamagitan ng pagtatapon ng malalaking bilang ng mamamayan sa ibaibang dako ng kanilang imperyo. Ang kanilang mga nasasakupan ay di tumigil na maging kanilang mga kaaway, at ang lahat ng pangyayari sa imperyo ay kakikitaan ng walang tigil na pag-aalsa. (Tingnan sa 2 Hari 18–19; 2 Cron. 32; Is. 7:17–20; 10; 19; 37).

**AWA, MAAWAIN.** *Tingnan din sa* Bayad-sala, Pagbabayad-sala; Biyaya; Jesucristo; Katarungan; Magpatawad

Ang diwa ng pagkamahahabagin, pagkamadamayin, at pagpapatawad. Ang awa ay isa sa mga katangian ng Diyos. Iniaalay ni Jesucristo ang awa sa atin sa pamamagitan ng kanyang pambayad-salang hain.

Ang Panginoon ay maawain at mapagkaloob, **Ex.** 34:6 (Deut. 4:31). Ang kanyang awa ay magpakailanman, **1 Cron.** 16:34. Ang kabutihan at awa ay susunod sa akin, **Awit** 23:6. Siya na naaawa sa dukha ay mapalad, **Kaw.** 14:21. Ako ay nagnanais ng awa at hindi hain, **Os.** 6:6. Pinagpala ang mga mahahabagin: sapagkat sila ay kahahabagan, **Mat.** 5:7 (3 Ne. 12:7). Sa aba sa mga mapagbalatkayo na nagbabayad ng ikapu at pinababayaan ang lalong mahalagang bagay ng batas, katarungan, awa, at pananampalataya, **Mat.** 23:23. Maging maawain kayo, gaya naman ng inyong Ama na maawain, **Lu.** 6:36. Hindi dahil sa mga gawa sa katwiran na ginagawa nating sarili, kundi alinsunod sa awa ay kanya tayong iniligtas, **Tit.** 3:5. Ang magiliw na awa ng Panginoon ay sumasalahat, **1 Ne.** 1:20. Ang awa ay hindi makaaangkin sa hindi nagsisisi, **Mos.** 2:38–39. Ang Diyos ay maawain sa lahat ng naniniwala sa kanyang pangalan, **Alma** 32:22. Hindi mabibigyang-kasiyahan ng awa ang hinihingi ng katarungan, **Alma** 34:16. Iyo bang ipinalalagay na ang awa ay makaaagaw sa katarungan? **Alma** 42:25 (Alma 42:13–25). Ang mga bata ay buhay kay Cristo dahil sa kanyang awa, **Moro.** 8:19–20 (D at T 29:46). Ang bisig ng awa ni Jesucristo ay nagbayad-sala para sa ating mga kasalanan, **D at T** 29:1. Sa pamamagitan ng dugong aking ibinuhos, ako ay nagmakaawa sa Ama para sa mga yaong naniniwala sa aking pangalan, **D at T** 38:4. Sila na tumutupad sa tipan ay makatatamo ng awa, **D at T** 54:6. Ako, ang Panginoon ay nagpapatawad ng mga kasalanan, at naaawa sa mga yaong nagsisisi ng kanilang mga kasalanan nang may mga mapagpakumbabang puso, **D at T** 61:2. Ako, ang Panginoon, ay nagpapakita ng awa sa lahat ng maamo, **D at T** 97:2. At sinumang tumatanggap sa inyo na wari'y isang bata, ay makatatanggap ng aking kaharian, sapagkat sila'y kaaawaan, **D at T** 99:3. Ang awa ay mauuna sa iyo, **Moi.** 7:31.

**AWAY.** *Tingnan sa* Kaguluhan

**AWIT.** *Tingnan din sa* David; Musika

Isang tula o himnong binigyan-inspirasyon.

*Ang aklat ng Mga Awit:* Isang aklat sa Lumang Tipan na naglalaman ng mga tinipong awit, marami rito ay tungkol kay Cristo. Ang aklat ng Mga Awit ay kadalasang sinipi sa Bagong Tipan.

Si David ang sumulat karamihan sa Mga Awit. Isinulat ang Mga Awit bilang mga papuri sa Diyos. Marami rito ay nilapatan ng himig.

**AWIT NI SOLOMON**

Isang aklat sa Lumang Tipan. Itinuro ni Joseph Smith na ang Awit ni Solomon ay hindi akdang makapagbibigay-inspirasyon.

**AWITIN.** *Tingnan din sa* Himno; Musika

Sambahin at purihin ang Diyos sa pamamagitan ng awit at taludtod sa musika.

Magsiawit kayo sa Panginoon, **1 Cron.** 16:23–36 (Awit 96). Magsiawit kayo sa Panginoon, at mangagpasalamat, **Awit** 30:4. Magkaingay kayo na may kagalakan sa Panginoon, **Awit** 100:1. Pagkaa-

wit nila ng isang himno, ay nagsiparoon sila sa bundok ng mga Olibo, **Mat.** 26:30. Ang Espiritu Santo ang nagtulak sa kanilang umawit, **Moro.** 6:9. Ang awit ng mabubuti ay isang panalangin sa akin, **D at T** 25:12. Kung kayo ay masaya, purihin ninyo ang Panginoon ng may pag-awit, **D at T** 136:28.

**AYUNO, PAG-AAYUNO.** *Tingnan din sa* Kapakanan; Limos, Paglilimos; Maralita; Pag-aalay

Kusang hindi pagkain o pag-inom sa layuning mapalapit sa Panginoon at paghiling sa kanyang mga basbas. Kung nag-aayuno ang isang tao o pangkat, dapat din silang manalangin upang maunawaan ang kalooban ng Diyos at upang magkaroon ng higit na espirituwal na lakas. Ang pag-aayuno ay ginagawa sa tuwina ng mga tunay na naniniwala.

Sa Simbahan ngayon, itinalaga ang isang araw ng Sabbath sa bawat buwan sa layunin ng pag-aayuno. Sa panahong ito, hindi kumakain at umiinom ang mga kasapi sa Simbahan sa loob ng dalawampu't apat na oras. Pagkatapos, iniaambag nila sa Simbahan ang pera na dapat sana nilang ginasta sa pagkain para sa hapunang yaon. Ang perang ito ay tinawag na handog ng pag-aayuno. Ginagamit ng Simbahan ang mga handog ng pag-aayuno upang tulungan ang mga maralita at nangangailangan.

Nag-ayuno kami at hinanap ang aming Diyos, **Ezra** 8:21–23, 31. Nag-ayuno ako at nanalangin sa harapan ng Diyos ng langit, **Neh.** 1:4. Mag-ayuno kayo para sa akin, at huwag kumain ni uminom sa loob ng tatlong araw, **Est.** 4:16. Ipinakumbaba ko ang aking kaluluwa nang may pag-aayuno, **Awit** 35:13. Hindi ba ito ang pag-aayuno na aking pinili? **Is.** 58:3–12. Iniharap ko ang aking mukha sa Panginoong Diyos, upang humanap sa pamamagitan ng panalangin, nang may pag-aayuno, **Dan.** 9:3. Magsipanumbalik kayo sa akin nang may buo ninyong puso, at nang may pag-aayuno, **Joel** 2:12. Naniwala ang Ninive sa Diyos, at naghayag ng pag-aayuno, **Jon.** 3:5. Nag-ayuno si Jesus ng apatnapung araw, **Mat.** 4:2 (Ex. 34:28; 1 Hari 19:8; Lu. 4:1–2). Huwag magpakita sa mga tao na nag-aayuno, **Mat.** 6:18 (3 Ne. 13:16). Hindi napalalayas ang ganitong uri kundi sa pamamagitan ng pananalangin at pag-aayuno, **Mat.** 17:21. Magpatuloy sa pag-aayuno at pananalangin, **Omni** 1:26 (4 Ne. 1:12). Sila ay nagsimulang mag-ayuno, at manalangin sa Panginoon nilang Diyos, **Mos.** 27:22. Ako ay nag-ayuno at nanalangin ng maraming araw upang aking malaman ang mga bagay na ito, **Alma** 5:46. Nagkaisa ang mga anak ng Diyos sa pag-aayuno at pananalangin nang taimtim, **Alma** 6:6. Itinuon ng mga anak ni Mosias ang kanilang sarili sa maraming panalangin at pag-aayuno, **Alma** 17:3, 9. Isang panahon ng pag-aayuno at panalangin ang sumunod sa pagkamatay ng maraming Nephita, **Alma** 28:5–6. Labis silang nag-ayuno at labis na nanalangin, **Alma** 45:1 (Hel. 3:35). Ihanda ang inyong mga pagkain nang may katapatan ng puso upang ang inyong pag-aayuno ay maging ganap, **D at T** 59:13–14. Kayo ay magpatuloy sa pananalangin at pag-aayuno, **D at T** 88:76.

**BAAL.** *Tingnan din sa* Pagsamba sa Diyus-diyusan

Isang lalaking diyos-araw na sinasamba lalung-lalo na sa Phoenicia (1 Hari 16:31) subalit sinasamba rin sa iba't ibang pamamaraan sa maraming pook: ng mga Moabita bilang Baal-peor (Blg. 25:1–3), at sa Sichem bilang Baal-berith (Huk. 8:33; 9:4), at sa Ekron bilang Baal-zebub (2 Hari 1:2). Si Baal ay maaari ring si Bel ng Babilonia at Zeus ng Grecia. Ipinahihiwatig ng salitang Baal ang ugnayan sa pagitan ng panginoon at ng kanyang alipin. Ang malimit na sagisag para kay Baal ay isang toro. Si Astoret ang diyosang kalimitang sinasamba kasama ni Baal.

Paminsan-minsan ang *Baal* ay inilalakip sa iba pang pangalan o salita upang magkaroon ng kaugnayan kay Baal, tulad ng isang lugar kung saan

siya sinasamba o isang taong may mga katangian na tulad niyong kay Baal. Di naglaon, sapagkat ang *Baal* ay nagkaroon ng napakasamang kahulugan, ang salitang *Boshet* ay ipinalit dito sa pinagsamang mga pangalang yaon. Ang *Boshet* ay nangangahulugang "kahiya-hiya".

**BABAE, KABABAIHAN.** *Tingnan din sa* Tao, Mga Tao

Isang taong may sapat na gulang, na anak na babae ng Diyos. Paminsan-minsan ang salitang *Babae* sa mga banal na kasulatan ay ginagamit bilang tawag ng paggalang (Juan 19:26; Alma 19:10).

Nilalang ng Diyos ang lalaki at babae, **Gen.** 1:27 (Moi. 2:27; 6:9; Abr. 4:27). Ang mabait na babae ay higit na mahalaga kaysa mga rubi, **Kaw.** 31:10–31. Ang babae ay siyang kaluwalhatian ng lalaki, **1 Cor.** 11:7. Gayunman, ang babae ay di maaaring walang lalaki, ni ang lalaki ay di maaaring walang babae, sa Panginoon, **1 Cor.** 11:11. Nararapat gayakan ng mga kababaihan ang kanilang sarili sa maayos na pananamit, **1 Tim.** 2:9–10. Ako, ang Panginoon ay nalulugod sa kalinisang-puri ng mga babae, **Jac.** 2:28. Ang iyong mga kasalanan ay pinatawad na sa iyo, at ikaw ay isang hinirang na babae, **D at T** 25. Ang mga babae ay may karapatan sa kanilang mga asawa para sa kanilang ikabubuhay, **D at T** 83:2.

**BABAING BALO.** *Tingnan din sa* Kapakanan

Isang babae na ang asawa'y namatay na at hindi na muling nagpakasal.

Ang mga ulila at ang babaing balo ay magsisiparoon at magsisikain, **Deut.** 14:29. Inihulog ng maralitang babaing balo ang lahat ng mayroon siya, **Mar.** 12:41–44. Dalawin ang mga ulila at babaing balo sa kanilang kapighatian, **Sant.** 1:27. Ang Panginoon ay magiging handang saksi laban sa mga yaong nagpapahirap sa mga babaing balo, **3 Ne.** 24:5 (Zac. 7:10). Ang mga babaing balo at ulila ay paglalaanan, **D at T** 83:6 (D at T 136:8).

**BABALA, BINALAAN.** *Tingnan din sa* Magbantay, Mga Tagabantay

Magbigay ng talastas o paunawang mag-ingat. Binabalaan at tinuturuan ng mga propeta, pinuno, at magulang ang iba na maging masunurin sa Panginoon at sa kanyang mga turo.

Binalaan ni Jacob ang mga tao ni Nephi laban sa lahat ng uri ng kasalanan, **Jac.** 3:12. Ang tinig ng babala ay para sa lahat ng tao, **D at T** 1:4. Hayaan ang inyong pangangaral ay maging tinig ng babala, **D at T** 38:41. Ito ay araw ng babala, **D at T** 63:58. Bawat tao na nabigyan ng babala ay dapat balaan ang kanyang kapwa, **D at T** 88:81. Binigyang-babala ko kayo, at binabalaan kayo, sa pamamagitan ng pagbibigay sa inyo nitong salita ng karunungan, **D at T** 89:4.

**BABEL, BABILONIA.** *Tingnan din sa* Daigdig; Nabucodonosor; Sanlibutan

Ang kabisera ng Babilonia.

Ang Babel ay itinayo ni Nimrod at isa sa pinakamatandang lunsod sa lupain ng Mesopotamia, o Sinar (Gen. 10:8–10). Nilito ng Panginoon ang mga wika noong panahong itinatayo ng mga tao ang Tore ng Babel (Gen. 11:1–9; Eter 1:3–5, 33–35). Di naglaon, ang Babilonia ang naging kabisera ni Nabucodonosor. Nagtayo siya ng napakalaking lunsod kung aling mga guho ay naroroon pa. Naging napakasamang lunsod ang Babilonia at mula noon ay naging sagisag na ng kasamaan ng sanlibutan.

Tumakas sa gitna ng Babilonia, **Jer.** 51:6. Itatayo at babagsak ang Babilonia, **Apoc.** 17–18. Matatatag ang Babilonia at babagsak, **Apoc.** 17–18. Mawawasak ang Babilonia, **2 Ne.** 25:15. Ang Babilonia ay babagsak, **D at T** 1:16. Hindi ko paliligtasin ang sinumang mamamalagi sa Babilonia, **D at T** 64:24. Lumabas kayo sa Babilonia, **D at T** 133:5, 7, 14.

**BAGBAG NA PUSO.** *Tingnan din sa* Hain; Puso; Maamo, Kaamuan;

Magsisi, Pagsisisi; Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba

Ang magkaroon ng bagbag na puso ay maging mapagkumbaba, nagsisisi, at maamo—ibig sabihin, handang tumanggap sa kalooban ng Diyos.

Ako ay tumatahan sa kanya na may nagsisisi at nagpapakumbabang espiritu, **Is.** 57:15. Inihandog ni Cristo ang kanyang sarili para sa mga yaong may bagbag na puso at nagsisising espiritu, **2 Ne.** 2:7. Mag-alay ng hain sa Panginoon ng bagbag na puso at nagsisising espiritu, **3 Ne.** 9:20 (D at T 59:8). Tanging yaong may mga bagbag na puso at nagsisising espiritu ang tinanggap sa pagbibinyag, **Moro.** 6:2. Si Jesus ay ipinako para sa kapatawaran ng mga kasalanan ng nagsisising puso, **D at T** 21:9. Siya na ang espiritu ay nagsisisi ay tinatanggap, **D at T** 52:15. Ipinangangako ang Banal na Espiritu sa mga yaong nagsisisi, **D at T** 55:3. Ang aking espiritu ay isinugo upang bigyang-liwanag ang mga mapagpakumbaba at nagsisisi, **D at T** 136:33.

**BAGO AT WALANG HANGGANG TIPAN.** *Tingnan din sa* Tipan

Ang kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo (D at T 66:2). Ito ay bago sa tuwing ito ay ipinahahayag muli kasunod ng isang panahon ng lubusang pagtalikod sa katotohanan. Ito ay walang hanggan sa kadahilanang ito ay tipan ng Diyos at tinatamasa sa bawat dispensasyon ng ebanghelyo kung saan ang mga tao ay nakahandang tanggapin ito. Ipinahayag muli ang bago at walang hanggang tipan sa mundo ni Jesucristo sa pamamagitan ng propetang si Joseph Smith. Naglalaman ito ng mga banal na ordenansa na pinangangasiwaan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkasaserdote—gaya ng pagbibinyag at kasal sa templo—na magkakaloob sa tao ng kaligtasan, kawalang-kamatayan, at buhay na walang hanggan. Kapag tinanggap ng mga tao ang ebanghelyo at mangakong tuparin ang mga kautusan ng Diyos, titipan ang Diyos na ibibigay sa kanila ang mga biyaya ng kanyang bago at walang hanggang tipan.

Aking pagtitibayin ang aking tipan sa iyo, **Gen.** 17:7. Magiging kanya ang tipan ng pagkasaserdoteng walang hanggan, **Blg.** 25:13. Binago ng mga tao ang mga ordenansa at sinira ang walang hanggang tipan, **Is.** 24:5 (D at T 1:15). Ako ay makikipagtipan sa inyo ng walang hanggang tipan, **Is.** 55:3 (Jer. 32:40). Ito ay isang walang hanggang tipan, **Ez.** 37:26. Ang Panginoon ay gumawa ng isang bagong tipan, at ang luma ay lumipas na, **Heb.** 8:13. Si Jesus ang tagapamagitan ng bagong tipan, **Heb.** 12:24 (D at T 76:69). Ito ay isang bago at walang hanggang tipan, **D at T** 22:1. Ipinadala ko ang aking walang hanggang tipan sa daigdig, **D at T** 45:9 (D at T 49:9). Ipinadala ng Panginoon ang kabuuan ng kanyang ebanghelyo, ang kanyang walang hanggang tipan, **D at T** 66:2 (D at T 133:57). Upang matamo ang pinakamataas na antas sa kahariang selestiyal, ang isang tao ay nararapat na pumasok sa bago at walang hanggang tipan ng kasal, **D at T** 131:1–2. Ang bago at walang hanggang tipan ay itinatag para sa kaganapan ng kaluwalhatian ng Panginoon, **D at T** 132:6, 19.

**BAGONG JERUSALEM**

Ang lugar kung saan ang mga Banal ay magtitipun-tipon at si Cristo mismo ang maghahari kasama nila sa panahon ng Milenyo. Ang Sion (ang Bagong Jerusalem) ay itatayo sa lupalop ng Amerika, at ang mundo ay muling babaguhin at tatanggapin ang kanyang malaparaisong kaluwalhatian (S ng P 1:10). Tumutukoy rin ito sa isang banal na lunsod na bababa mula sa langit sa simula ng Milenyo.

Ang batas ay lalabas sa Sion, **Mi.** 4:2. Ang pangalan ng lunsod ng aking Diyos ay Bagong Jerusalem, **Apoc.** 3:12. Nakita ni Juan ang banal na lunsod, ang bagong Jerusalem, **Apoc.** 21:1–5. Aking itatatag ang mga taong ito sa lu-

paing ito, at ito ay magiging isang Bagong Jerusalem, **3 Ne.** 20:22. Ang isang Bagong Jerusalem ay itatayo sa Amerika, **Eter** 13:3–6, 10. Ang lunsod ng Bagong Jerusalem ay ihahanda, **D at T** 42:9, 35, 62–69. Ang mga banal ay magsisipagtipon at itatayo ang Bagong Jerusalem, **D at T** 45:63–75. Ang Bagong Jerusalem ay itatayo sa Missouri, **D at T** 84:1–5 (D at T 57:1–3). Ang Kordero ay tatayo sa Bundok ng Sion at sa banal na lunsod, ang Bagong Jerusalem, **D at T** 133:56. Ang aking tabernakulo ay tatawaging Sion, isang Bagong Jerusalem, **Moi.** 7:62.

**BAGONG TIPAN.** *Tingnan din sa* Banal na Kasulatan, Mga; Biblia

Isang tinipon na mga nabigyang-siglang kasulatan (orihinal na nasa Griyego) tungkol sa buhay at ministeryo ni Jesucristo, ng mga Apostol, at ng iba pang mga tagasunod ni Jesucristo. Kalimitang nahahati ang Bagong Tipan sa mga Ebanghelyo, ang mga Gawa ng mga Apostol, ang mga sulat ni Pablo, ang mga sulat pangkalahatan, at ang aklat ng Apocalipsis.

Ang apat na Ebanghelyo—ang mga aklat ni Mateo, Marcos, Lucas, at Juan—ay mga ulat ng buhay ni Cristo. Natatala sa aklat ng Mga Gawa ang kasaysayan ng Simbahan at ng mga Apostol, lalung-lalo na ang pangmisyonerong paglalakbay ni Pablo, pagkatapos mamatay si Cristo. Nagbibigay ang mga sulat ni Pablo ng tagubilin sa mga pinuno ng Simbahan at sa mga kasapi. Isinulat ang ibang mga liham ng ibang mga Apostol at nagbibigay ng karagdagang payo sa mga naunang Banal. Ang aklat ng Apocalipsis, na isinulat ni Apostol Juan, ay naglalaman karamihan ng mga propesiya hinggil sa mga huling araw.

**BAHA SA PANAHON NI NOE.** *Tingnan din sa* Arka; Bahaghari; Noe, Patriyarka sa Biblia

Sa panahon ni Noe ang mundo ay lubusang natabunan ng tubig. Ito ang pagbibinyag sa mundo at sumasagisag ng paglilinis (1 Ped. 3:20–21).

Magpapadala ang Diyos ng pagbaha ng mga tubig sa lupa upang lipulin ang lahat ng laman, **Gen.** 6:17 (Moi. 7:34, 43, 50–52; 8:17, 30). Ang mga tubig ng baha ay napasalupa, **Gen.** 7:10. Naglagay ang Diyos ng bahaghari sa ulap bilang isang tanda ng tipan, **Gen.** 9:9–17. Matapos bumaba ang mga tubig, ang lupa ng Amerika ay naging isang piling lupain, **Eter** 13:2. Masasawi ang masasama sa baha, **Moi.** 7:38; 8:24.

**BAHAGHARI.** *Tingnan din sa* Arka; Baha sa Panahon ni Noe; Noe, Patriyarka sa Biblia

Ang palatandaan o tanda ng tipan ng Diyos kay Noe (Gen. 9:13–17). Ipinaliliwanag ng PJS, Gen. 9:21–25 na ang tipan ay sumasaklaw sa mga pangako na ang mundo ay hindi na muling babahain ng tubig, na ang Sion ni Enoc ay magbabalik, at na ang Panginoon ay paparitong muli upang manahanan sa lupa.

**BAHAY NG PANGINOON.** *Tingnan sa* Templo, Bahay ng Panginoon

**BALAAM**

Isang propeta sa Lumang Tipan na nagnais isumpa ang Israel dahil sa salapi. Inutusan siya ng Panginoon na huwag isumpa ang Israel (Blg. 22–24).

Tumangging lumakad ang asno ni Balaam dahil isang anghel ang nakatayo sa daraanan nito, **Blg.** 22:22–35.

**BALSAMO SA GALAAD**

Isang mahalimuyak na pepsin o panglahok na ginagamit para sa pagpapagaling ng mga sugat (Gen. 43:11; Jer. 8:22; 46:11; 51:8). Isang palumpong na ang dagtang nagmumula rito na ginagawang balsamo ay maramihang tumutubo sa Galaad sa panahon ng Lumang Tipan kung kaya't ang balsamo ay nakilalang "balsamo ng Galaad" (Gen. 37:25; Ez. 27:17).

**BALUTI**

Panakip na isinusuot upang ingatan ang katawan mula sa mga hampas o hataw ng mga sandata. Ang salita ay ginagamit din upang ipakahulugan sa

mga espirituwal na katangiang makapangangalaga sa isang tao mula sa tukso o masama.

Isuot ang buong baluti ng Diyos, **Ef.** 6:10–18 (D at T 27:15–18).

**BALUTI SA DIBDIB.** *Tingnan din sa* Urim at Tummim

Bumabanggit ang mga banal na kasulatan ng dalawang uri ng mga baluti sa dibdib: (1) Ang harapang bahagi ng pananggalang na kasuotan ng isang kawal o baluti. Sa paraan ng pagsasagisag, nararapat magsuot ang mga Banal ng baluti ng kabutihan upang pangalagaan ang kanilang sarili laban sa kasamaan (Is. 59:17; Ef. 6:14). (2) Isang bahagi ng damit na isinusuot ng mataas na saserdote sa ilalim ng mga batas ni Moises (Ex. 28:13–30; 39:8–21). Ito ay yari sa linen at may labindalawang mahahalagang hiyas. Paminsan-minsan ito ay tinutukoy kaugnay ng Urim at Tummim (D at T 17:1; JS—K 1:35, 42, 52).

**BANAL** (pang-uri). *Tingnan din sa* Kabanalan; Dalisay, Kadalisayan; Pagpapabanal

Banal, may katangiang maka-diyos, o espirituwal at moralidad na dalisay. Ang kasalungat ng banal ay masama o hindi banal.

Kayo ay magiging isang kaharian ng mga saserdote sa akin, at isang banal na bansa, **Ex.** 19:5–6 (1 Ped. 2:9). Inutusan ng Panginoon ang Israel: Maging banal, sapagkat ako ay banal, **Lev.** 11:44–45. Tatayo sa aking banal na pook ang mga yaong may malilinis na kamay at dalisay na puso, **Awit** 24:3–4. Ituro sa aking mga tao ang pagkakaiba ng banal at hindi banal, **Ez.** 44:23. Tinawag kami ng Diyos nang banal na pagtawag, **2 Tim.** 1:8–9. Mula sa pagkabata nalalaman mo na ang mga banal na kasulatan, **2 Tim.** 3:15. Nagsasalita ang mga banal na tao ng Diyos na binubunsuran ng Espiritu Santo, **2 Ped.** 1:21. Hahatulan ang lahat ng tao alinsunod sa katotohanan at kabanalan na nasa Diyos, **2 Ne.** 2:10. Naging Banal ang likas na tao sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo, **Mos.** 3:19. Lumakad alinsunod sa banal na orden ng Diyos, **Alma** 7:22 (Alma 13:11–12). Pinabanal ang tatlong disipulo sa laman at ginawang banal, **3 Ne.** 28:1–9, 36–39. Huwag lapastanganin ang mga bagay na banal, **D at T** 6:12. Ipangako ninyo ang sarili sa pagkilos ng buong kabanalan, **D at T** 9:9. Ipangako ninyo ang sarili sa pagkilos ng buong kabanalan, **D at T** 43:9. Ang aking mga disipulo ay tatayo sa mga banal na lugar, **D at T** 45:32. Ang yaong nagmumula sa kaitaasan ay banal, **D at T** 63:64. Ang mga bata ay banal, **D at T** 74:7. Ilaan ang lugar na ito at ito ay pababanalin, **D at T** 124:44. Titipunin ng Panginoon ang kanyang mga hinirang sa banal na lunsod, **Moi.** 7:62.

**BANAL** (pangngalan). *Tingnan din sa* Cristiyano, Mga; Simbahan ni Jesucristo; Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Ang

Isang matapat na kasapi ng Simbahan ni Jesucristo.

Pisanin mo ang aking mga Banal sa akin, **Awit** 50:5. Ginawan ni Saul ng labis na kasamaan ang mga Banal sa Jerusalem, **Gawa** 9:1–21. Si Pedro ay naparoon naman sa mga Banal na nananahan sa Lidda, **Gawa** 9:32. Biyaya at kapayapaan sa lahat ninyong nasa Roma, tinawag na mga Banal, **Rom.** 1:7. Kayo'y mga kababayan na kasama ng mga Banal, **Ef.** 2:19–21. Namasdan ko ang simbahan ng Kordero, na mga Banal ng Diyos, **1 Ne.** 14:12. Ang likas na tao ay kaaway ng Diyos maliban kung siya ay maging isang Banal sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo, **Mos.** 3:19. Ako, ang Panginoon, ay pinagpala ang lupa upang gamitin ng aking mga Banal, **D at T** 61:17. Nakidigma si Satanas sa mga Banal ng Diyos, **D at T** 76:28–29. Masigasig kayong gumawa upang ihanda ang mga Banal sa paghuhukom na darating, **D at T** 88:84–85. Dapat na mamahagi ng kanilang yaman ang mga Banal sa maralita at nagdurusa, **D at T** 105:3. Ang mga katungkulan sa itaas ay aking ibi-

nigay para sa gawain ng ministeryo at sa pagpapaganap ng aking mga Banal, **D at T** 124:143 (Ef. 4:12).

**BANAL NA ESPIRITU NG PANGAKO.** *Tingnan din sa* Espiritu Santo

Ang Espiritu Santo ang Banal na Espiritu ng Pangako (Gawa 2:33). Pinagtitibay niya na karapat-dapat tanggapin sa Diyos ang mabubuting gawa, mga ordenansa, at tipan ng mga tao. Sumasaksi ang Banal na Espiritu ng Pangako sa Ama na ang makapagliligtas na mga ordenansa ay naisagawa nang maayos at naingatan ang mga tipang kasama nito.

Sila na ibinuklod ng Banal na Espiritu ng Pangako ay makatatanggap ng lahat ng nasa Ama, **D at T** 76:51–60 (Ef. 1:13–14). Kailangang ibuklod ng Banal na Espiritu ng Pangako ang lahat ng tipan at pagsasagawa upang magkabisa pagkatapos ng buhay na ito, **D at T** 132:7, 18–19, 26.

**BANAL NA KASULATAN, MGA.** *Tingnan din sa* Aklat ni Mormon; Biblia; Cronolohiya; Doktrina at mga Tipan; Kanoniko; Mahalagang Perlas; Salita ng Diyos

Mga salita, kapwa isinulat at sinabi, ng mga banal na tao ng Diyos kapag pinakikilos ng Espiritu Santo. Ang mga banal na kasulatang itinanghal na opisyal sa Simbahan ngayon ay binubuo ng Biblia, Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas. Isinaalang-alang ni Jesus at ng mga manunulat sa Bagong Tipan ang mga aklat sa Lumang Tipan bilang banal na kasulatan (Mat. 22:29; Juan 5:39; 2 Tim. 3:15; 2 Ped. 1:20–21).

Hindi baga nag-aalab ang ating mga puso sa loob natin, samantalang binubuksan niya sa atin ang mga banal na kasulatan, **Lu.** 24:32. Saliksikin ninyo ang mga banal na kasulatan; sapagkat iniisip ninyo na sa mga yaon ay mayroon kayong buhay na walang hanggan: at ang mga ito'y siyang nagpapatotoo tungkol sa akin, **Juan** 5:39. Ang mga salita ni Cristo ang magsasabi sa inyo ng lahat ng bagay na dapat ninyong gawin, **2 Ne.** 32:3. Kasindami ng mga naakay na maniwala sa mga banal na kasulatan ay matatag at matibay sa pananampalataya, **Hel.** 15:7–8. Nagkamali ang mga tao sa pakikipagbuno sa mga banal na kasulatan at hindi nauunawaan ang mga ito, **D at T** 10:63. Ang mga salitang ito ay hindi buhat sa mga tao ni galing sa tao, kundi sa akin, **D at T** 18:34–36. Ang paglabas ng Aklat ni Mormon ay nagpapatunay sa sanlibutan na ang mga banal na kasulatan ay totoo, **D at T** 20:2, 8–12. Ilaan ninyo ang inyong panahon sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan, **D at T** 26:1. Ang mga banal na kasulatan ay ibinigay para sa ikatututo ng mga Banal, **D at T** 33:16. Ang mga banal na kasulatan ay ibibigay para sa kaligtasan ng mga hinirang, **D at T** 35:20. Magtuturo ng mga alituntunin ng aking ebanghelyo, na nasa Biblia at Aklat ni Mormon, **D at T** 42:12. Ang aking mga batas ay ibinigay hinggil sa mga bagay na ito sa aking mga banal na kasulatan, **D at T** 42:28. Anuman ang kanilang sasabihin sa ilalim ng kapangyarihan ng Espiritu Santo ay banal na kasulatan, **D at T** 68:4.

*Nawalang mga banal na kasulatan:* Maraming banal na sulatin na binanggit sa mga banal na kasulatan na wala tayo ngayon, ang ilan sa mga ito ay mga aklat at manunulat na ito: ang tipan (Ex. 24:7), ang pakikipagbaka ng Panginoon (Blg. 21:14), Jaser (Jos. 10:13; 2 Sam. 1:18), ang mga gawa ni Solomon (1 Hari 11:41), si Samuel na tagakita (1 Cron. 29:29), si Nathan na propeta (2 Cron. 9:29), si Semeias na propeta (2 Cron. 12:15), si Iddo na propeta (2 Cron. 13:22), si Jehu (2 Cron. 20:34), ang mga kasabihan ng mga tagakita (2 Cron. 33:19), si Enoc (Jud. 1:14), at ang mga salita nina Zenok, Neum, at Zenos (1 Ne. 19:10), Zenos (Jac. 5:1), sina Zenok at Ezias (Hel. 8:20), at ang aklat ng alaala (Moi. 6:5); ang mga sulat sa mga taga-Corinto (1 Cor. 5:9), sa mga taga-Efeso (Ef. 3:3), at mula sa Laodicea (Col. 4:16).

*Mga banal na kasulatan na dapat pangalagaan:* Dapat nating makuha ang mga talaang ito upang mapangalagaan natin ang mga salitang winika ng mga propeta, **1 Ne.** 3:19–20. Dapat kong ingatan ang mga laminang ito, **Jac.** 1:3. Ang mga bagay na ito ay itinago at pinangalagaan ng kamay ng Diyos, **Mos.** 1:5. Pangalagaan ang mga banal na bagay na ito, **Alma** 37:47. Ang mga banal na kasulatan ay pangangalagaan sa kaligtasan, **D at T** 42:56. Gawin ang lahat ng pagsisikap upang mapangalagaan iyon, **JS—K** 1:59.

*Kahalagahan ng mga banal na kasulatan:* Iyong babasahin ang kautusang ito sa harapan ng buong Israel, **Deut.** 31:10–13. Ang aklat na ito ng kautusan ay huwag mahihiwalay sa iyong bibig, **Jos.** 1:8. Ang batas ng Panginoon ay sakdal, na nagsasauli ng kaluluwa, **Awit** 19:7. Ang salita mo'y ilawan sa aking mga paa, **Awit** 119:105. Ang mga banal na kasulatan ay nagpapatotoo tungkol sa akin, **Juan** 5:39. Ang lahat ng banal na kasulatan na kinasihan ng Diyos ay mapakikinabangan din naman sa pagtuturo at ikatututo, **2 Tim.** 3:15–16. Inihalintulad ko sa amin ang lahat ng banal na kasulatan, upang ito ay maging para sa aming kapakinabangan at kaalaman, **1 Ne.** 19:23. Nalulugod ang kaluluwa ko sa mga banal na kasulatan, **2 Ne.** 4:15–16. Masigasig kaming gumagawa upang makasulat, upang hikayatin ang ating mga anak, at atin ding mga kapatid, na maniwala kay Cristo, **2 Ne.** 25:23. Sinaliksik nila ang mga banal na kasulatan, at hindi na pinakinggan ang mga salita ng masamang taong ito, **Jac.** 7:23 (Alma 14:1). Kung hindi sa mga laminang ito, magdurusa tayo sa kamangmangan, **Mos.** 1:2–7. Masigasig nilang sinaliksik ang mga banal na kasulatan, upang malaman nila ang salita ng Diyos, **Alma** 17:2–3. Iningatan ang mga banal na kasulatan upang dalhin ang mga kaluluwa sa kaligtasan, **Alma** 37:1–19 (2 Ne. 3:15). Ang salita ng Diyos ang magaakay sa tao kay Cristo, **Hel.** 3:29. Anuman ang kanilang sasabihin kapag pinakikilos ng Espiritu Santo ay magiging mga banal na kasulatan at ang kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan, **D at T** 68:4. Ipalimbag ang kabuuan ng aking mga banal na kasulatan para sa layuning maipatayo ang aking Simbahan at upang ihanda ang aking mga tao, **D at T** 104:58–59. Ang sinumang magpapahalaga ng aking salita ay hindi malilinlang, **JS—M** 1:37.

*Mga banal na kasulatan na iprinopesiyang lalabas:* Ibinadya ni Isaias ang paglabas ng Aklat ni Mormon, **Is.** 29:11–14. Kumuha ka ng isang talaan, at sulatan mo, sa Juda, **Ez.** 37:15–20. May lalabas pang ibang mga aklat, **1 Ne.** 13:39. Hindi ninyo dapat akalain na ang Biblia ay naglalaman na ng lahat kong salita, **2 Ne.** 29:10–14. Panghawakan ang ebanghelyo ni Cristo, na ilalahad sa harapan ninyo sa mga talaang darating, **Morm.** 7:8–9. Pinagpala siya na magdadala ng bagay na ito sa liwanag, **Morm.** 8:16. Isulat ang mga bagay na ito at ipahahayag ko ang mga ito sa aking sariling takdang panahon, **Eter** 3:27 (Eter 4:7). Naniniwala kami na maghahayag pa siya ng maraming bagay, **S ng P** 1:9.

**BANAL NA KASULATAN, MGA NAWALA.** *Tingnan sa* Banal na Kasulatan, Mga—Nawalang banal na kasulatan

**BANAL NG ISRAEL.** *Tingnan sa* Jesucristo

**BANDILA NG KALAYAAN.** *Tingnan din sa* Moroni, Kapitan

Isang bandila na itinaas ni Moroni, punong komandante ng mga sandatahang Nephita sa Aklat ni Mormon. Gumawa si Moroni ng bandila upang bigyan-inspirasyon ang mga taong Nephita na ipagtanggol ang kanilang relihiyon, kalayaan, kapayapaan at mga kaanak.

Gumawa si Moroni ng bandila ng kalayaan mula sa kanyang pinunit na bata, **Alma** 46:12–13. Yaong mga magpapanatili ng bandila ay nakipagtipan, **Alma** 46:20–22. Ipinataas ni Moroni ang bandila sa bawat tore, **Alma** 46:36 (Alma 51:20).

**BARABAS**

Pangalan ng lalaking pinalaya sa halip na si Jesus noong panahon ng Pagpapako sa Krus. Si Barabas ay isang manghihimagsik, mamamatay-tao, at isang tulisan (Mat. 27:16–26; Mar. 15:6–15; Lu. 23:18–25; Juan 18:40).

**BARTOLOME.** *Tingnan din sa* Natanael

Sa Bagong Tipan, isa sa orihinal na Labindalawang Apostol ni Jesucristo (Mat. 10:2–4).

**BASBAS, PAGBABASBAS.** *Tingnan sa* Pagpapala, Pagpapalain, Pinagpala; Patriyarkal na Pagbabasbas, Mga

**BATA, MGA BATA.** *Tingnan din sa* Bayad-sala, Pagbabayad-sala; Maganak; Mananagot, Pananagutan, May Pananagutan; Pagbibinyag ng mga Sanggol; Kaligtasan—Kaligtasan ng mga bata; Pagpapala, Pagpalain, Pinagpala—Pagbabasbas sa mga bata

Isang batang lalaki o babae, na hindi pa mga nagbibinata o nagdadalaga. Kailangang turuan ng mga ama at ina ang kanilang mga anak na sundin ang kalooban ng Diyos. Nananatiling walang kasalanan ang mga bata hanggang sa sumapit sila sa gulang ng pananagutan (Moro. 8:22; D at T 68:27).

Ang mga anak ay mga pamana mula sa Panginoon, **Awit** 127:3–5. Turuan mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, **Kaw.** 22:6. Pabayaan ang mga bata, at huwag silang pagbawalang lumapit sa akin, **Mat.** 19:14. Sundin ang inyong mga magulang, **Ef.** 6:1–3 (Col. 3:20). Kung walang Pagkahulog, hindi sana magkakaanak sina Adan at Eva, **2 Ne.** 2:22–23. Turuan ang mga batang lumakad sa katotohanan at kahinahunan, **Mos.** 4:14–15. Ang maliliit na bata ay may buhay na walang hanggan, **Mos.** 15:25. Kinuha ni Jesus ang maliliit na bata at binasbasan sila, **3 Ne.** 17:21. Ang lahat ng iyong mga anak ay tuturuan ng Panginoon, at malaki ang magiging kapayapaan ng iyong mga anak, **3 Ne.** 22:13 (Is. 54:13). Ang maliliit na bata ay hindi nangangailangan ng pagsisisi o pagbibinyag, **Moro.** 8:8–24. Ang maliliit na bata ay tinubos mula pa sa pagkakatatag ng daigdig sa pamamagitan ng aking Bugtong na Anak, **D at T** 29:46–47. Nararapat ituro ng mga magulang sa mga anak ang mga alituntunin at gawain ng ebanghelyo, **D at T** 68:25, 27–28. Ang maliliit na bata ay pinabanal sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo, **D at T** 74:7. Ang mga magulang ay inuutusang palakihin ang kanilang mga anak sa liwanag at katotohanan, **D at T** 93:40. Ang mga batang namamatay bago sumapit sa gulang ng pananagutan ay ligtas sa kahariang selestiyal, **D at T** 137:10.

**BATAS.** *Tingnan din sa* Batas ni Moises, Mga; Kautusan ng Diyos, Mga; Pagpapala, Pagpapalain, Pinagpala; Pagsunod, Masunurin, Sumunod

Ang mga kautusan o patakaran ng Diyos na kung saan ang lahat ng pagpapala at kaparusahan ay nababatay kapwa sa langit at sa lupa. Yaong mga sumusunod sa mga batas ng Diyos ay nakatatanggap ng mga ipinangakong pagpapala. Itinuro ng Propetang si Joseph Smith na dapat ding sundin, igalang at tanggapin ng mga tao ang mga batas ng lupain (S ng P 1:12).

Ang mga batas ni Moises ay isang panimulang batas na magdadala sa mga kalalakihan at kababaihan kay Cristo. Ito ay isang batas ng mga pagbabawal, tagubilin, at ordenansa. Ngayon, ang batas ni Cristo na tumupad sa mga batas ni Moises, ang kabuuan ng ebanghelyo o "ang ganap na batas ng kalayaan" (Sant. 1:25).

Nagbigay ang Diyos ng mga kautusan kay Adan, **Gen.** 1:28; 2:16–17. Nagbigay ang Diyos ng mga batas kay Noe, **Gen.** 9:1. Ang batas ng Panginoon ay sakdal, na nagsasauli ng kaluluwa, **Awit** 19:7. Ang Panginoon ang tagapaglagda ng kautusan, **Is.** 33:22. May isang tagapag-

lagda ng kautusan, **Sant.** 4:12. Kung saan walang batas, doon ay walang kaparusahan, **2 Ne.** 9:25. May isang batas na ibinigay, **Alma** 42:17–22. Ang mga tao ay hahatulan alinsunod sa batas, **Alma** 42:23. Si Cristo ang batas, **3 Ne.** 15:9. Lahat ng batas ay espirituwal, **D at T** 29:34. Natanggap ni Joseph Smith ang batas ng Simbahan sa pamamagitan ng paghahayag, **D at T** 42. Siya na tumutupad sa mga batas ng Diyos ay hindi kinailangang lumabag sa mga batas ng lupain, **D at T** 58:21. Ang liwanag ni Cristo ang batas kung saan ang lahat ng bagay ay pinamamahalaan, **D at T** 88:7–13. Siya ay nagbigay ng batas sa lahat ng bagay, **D at T** 88:42–43. Dapat sundin ng mga tao ang batas ng lupain, **D at T** 98:4–5. Kapag tayo ay nakatamo ng pagpapala mula sa Diyos, ito ay dahil sa pagsunod sa batas, **D at T** 130:20–21. Ipinahayag ng Simbahan ang kanyang mga paniniwala hinggil sa mga batas pansibil, **D at T** 134. Ang sangkatauhan ay maliligtas sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng ebanghelyo, **S ng P** 1:3.

**BATAS NI MOISES, MGA.**
*Tingnan din sa* Batas; Malinis at Hindi Malinis; Moises; Pagkasaserdoteng Aaron

Nagbigay ang Diyos ng mga batas sa pamamagitan ni Moises sa sambahayan ni Israel upang mapalitan ang mas mataas na batas na hindi nila nasunod (Ex. 34; PJS, Ex. 34:1–2; PJS, Deut. 10:2). Ang mga batas ni Moises ay binubuo ng maraming alituntunin, tagubilin, seremonya, rituwal, at mga simbolo na magpapaalaala sa mga tao sa kanilang mga tungkulin at pananagutan. Lakip nito ang isang batas moral, etikal, pangrelihiyon, at pisikal na mga kautusan at pagsasagawa—kabilang ang mga paghahain (Lev. 1–7)—na inilaan upang maalaala nila ang Diyos at ang kanilang tungkulin sa kanya (Mos. 13:30). Ang pananampalataya, pagsisisi, pagbibinyag sa tubig, at kapatawaran ng kasalanan ay bahagi ng batas, gayon din ang Sampung Kautusan at marami pang ibang kautusan na may mataas na etikal at moral na kahalagahan. Marami sa mga batas na pangseremonya ang natupad sa kamatayan at pagkabuhay na mag-uli ni Jesucristo, na nagtapos ng paghahain sa pamamagitan ng pagbubuhos ng dugo (Alma 34:13–14). Ang mga batas ay isinasagawa sa ilalim ng Pagkasaserdoteng Aaron at ito ay panimulang ebanghelyo upang dalhin ang mga sumusunod dito kay Cristo.

Ibibigay ko sa kanila ang batas na tulad ng una, subalit ito ay batay sa batas ng isang kautusang ukol sa laman, **PJS, Ex.** 34:1–2. Ang batas ay ating tagapagturo upang magdala sa atin kay Cristo, **Gal.** 3:19–24. Sinusunod natin ang mga batas ni Moises at matatag na umaasa kay Cristo, **2 Ne.** 25:24–30. Ang kaligtasan ay hindi darating sa pamamagitan ng mga batas ni Moises lamang, **Mos.** 12:27–13:32. Sa pamamagitan ko ang mga batas ni Moises ay natupad, **3 Ne.** 9:17. Ang mga batas na ibinigay kay Moises ay nagtapos sa akin, **3 Ne.** 15:1–10. Nang dahil sa pagsuway, kinuha ng Panginoon mula sa mga anak ni Israel si Moises at ang Banal na Pagkasaserdote, iniwan ang batas ng mga kautusang ukol sa laman, **D at T** 84:23–27.

**BATH-SHEBA.** *Tingnan din sa* David

Asawa ni Uria; di naglaon, naging asawa ni David at ina ni Solomon. Nagkasala ng pakikiapid si Haring David sa kanya. Binalak din niya ang kamatayan ng asawa nito sa digmaan (2 Sam. 11), kung aling kasalanan ay may walang hanggang kapinsalaan kay David (D at T 132:39).

**BATO.** *Tingnan din sa* Ebanghelyo; Jesucristo; Paghahayag

Patalinghaga, si Jesucristo at ang kanyang ebanghelyo, na isang matatag na saligan at tukuran (D at T 11:24; 33:12–13). Ang *bato* ay maaari ring tumukoy sa paghahayag, na pamamaraan ng Diyos upang ipaalam ang kanyang ebanghelyo sa tao (Mat. 16:15–18).

Siya ang bato, ang kanyang gawa ay sakdal, **Deut.** 32:4. Ang Panginoon ay aking malaking bato; sa kanya ako'y manganganlong, **2 Sam.** 22:2–3. May natibag na isang bato, hindi ng mga kamay, **Dan.** 2:34–35. Natatayo sa ibabaw ng bato, **Mat.** 7:25 (3 Ne. 14:25). Si Jesucristo ang bato na itinakwil, **Gawa** 4:10–11. Ang Batong yaon ay si Cristo, **1 Cor.** 10:1–4 (Ex. 17:6). Siya na nakatayo sa malaking bato ay tumatanggap ng katotohanan, **2 Ne.** 28:28. Itatakwil ng mga Judio ang bato (si Cristo) kung saan sila makapagtatayo, **Jac.** 4:15–17. Dito sa ibabaw ng bato ng ating Manunubos dapat tayong magtayo ng ating saligan, **Hel.** 5:12. Ang bawat nagtatayo sa mga doktrina ni Cristo ay natatayo sa ibabaw ng kanyang bato at hindi babagsak sa pagdating ng baha, **3 Ne.** 11:39–40 (Mat. 7:24–27; 3 Ne. 18:12–13). Ang matalinong tao ay nagtayo ng kanyang bahay sa ibabaw ng isang malaking bato, **3 Ne.** 14:24. Kung kayo ay itinayo sa aking bato, ang mundo at impiyerno ay hindi mananaig, **D at T** 6:34. Siya na nakatayo sa ibabaw ng batong ito ay hindi kailanman babagsak, **D at T** 50:44. Ako ang Mesiyas, ang Hari ng Sion, ang Bato ng Langit, **Moi.** 7:53.

**BATONG PANULOK.** *Tingnan din sa* Jesucristo

Ang pangulong bato na bumubuo sa sulok ng saligan ng isang gusali. Si Jesucristo ay tinawag na siyang panguluhang batong panulok (Ef. 2:20).

Ang batong tinanggihan ng nangagtayo ng bahay ay naging pangulo sa sulok, **Awit** 118:22 (Mat. 21:42–44; Mar. 12:10; Lu. 20:17; Gawa 4:10–12). Itinakwil ng mga Judio ang batong panulok, **Jac.** 4:15–17.

**BAUTISTA.** *Tingnan sa* Juan Bautista

**BAYAD-SALA, PAGBABAYAD-SALA.** *Tingnan din sa* Anak na Lalaki at Babae ng Diyos, Mga; Anak ni Cristo, Mga; Awa, Maawain; Biyaya; Dugo; Getsemani; Hain; Jesucristo; Kaligtasan; Kapatawaran ng mga Kasalanan; Kawalang-kamatayan, Walang Kamatayan; Krus; Magpatawad; Magsisi, Pagsisisi; Pagbibigay-katwiran, Pangatwiranan; Pagkabuhay na Mag-uli; Pagkahulog nina Adan at Eva; Pagpapabanal; Pagpapako sa Krus; Plano ng Pagtubos; Sakramento; Tubos, Tinubos, Pagtubos

Ipagkasundo ang tao sa Diyos.

Tulad ng pagkakagamit sa mga banal na kasulatan, ang magbayad-sala ay pagdusahan ang kaparusahan sa paggawa ng kasalanan, sa gayon inaalis ang mga ibubunga ng kasalanan mula sa nagsisising makasalanan at pinahihintulutan siyang makipagkasundo sa Diyos. Si Jesucristo ang tanging may kakayahang gumanap ng isang ganap na pagbabayad-sala para sa buong sangkatauhan. Nagawa niya yaon dahil sa pagkakapili sa kanya at pagkakaorden sa Dakilang Kapulungan bago pa itinatag ang daigdig (Eter 3:14; Moi. 4:1–2; Abr. 3:27), sa kanyang banal na pagiging Anak, at sa kanyang walang salang buhay. Kabilang sa kanyang pagbabayad-sala ang pagdurusa niya para sa mga kasalanan ng sangkatauhan sa Halamanan ng Getsemani, ang pagbubuhos ng kanyang dugo, at kanyang kamatayan at kasunod na pagkabuhay na mag-uli mula sa libingan (Is. 53:3–12; Mos. 3:5–11; Alma 7:10–13). Dahil sa Pagbabayad-sala, lahat ng tao ay babangon mula sa kamatayan na may mga katawang walang kamatayan (1 Cor. 15:22). Ang Pagbabayad-sala ay nagbibigay-daan din sa atin upang mapatawad tayo sa ating mga kasalanan at mabuhay magpakailanman kasama ng Diyos. Subalit ang isang tao na nasa gulang na ng pananagutan at nakatanggap ng batas ay matatanggap lamang ang mga pagpapalang ito kung siya ay may pananampalataya kay Jesucristo, nagsisisi ng kanyang mga kasalanan, tinatanggap ang mga ordenansa ng kaligtasan, at sumusunod sa mga kautusan ng Diyos. Yaong wala pa sa gulang ng

pananagutan at yaong mga walang batas ay matutubos sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala (Mos. 15:24–25; Moro. 8:22). Malinaw na itinuturo ng mga banal na kasulatan na kung hindi nagbayad-sala si Cristo para sa ating mga kasalanan, walang batas, ordenansa, o sakripisyo ang makatutugon sa mga hinihingi ng katarungan, at hindi kailanman makababalik ang tao sa kinaroroonan ng Diyos (2 Ne. 2; 9).

Ito ang aking dugo, nabuhos para sa marami para sa kapatawaran ng mga kasalanan, **Mat.** 26:28. Ang kanyang pawis ay naging malalaking patak ng dugo, **Lu.** 22:39–44. Ibibigay ko ang aking laman para sa ikabubuhay ng sanlibutan, **Juan** 6:51. Ako ang pagkabuhay na mag-uli, at ang buhay, **Juan** 11:25. Si Cristo ang gumawa ng walang hanggang kaligtasan para sa kanilang lahat na sumusunod, **Heb.** 5:9. Tayo ay pinabanal ng pagbubuhos ng dugo ni Cristo, **Heb.** 9; 10:1–10. Si Cristo man ay nagbata ring minsan para sa mga kasalanan, **1 Ped.** 3:18. Ang dugo ni Jesucristo ang lumilinis sa atin mula sa lahat ng kasalanan, **1 Juan** 1:7. Ipinako siya sa krus at pinatay para sa mga kasalanan, **1 Ne.** 11:32–33. Darating ang pagtubos sa mga yaong may bagbag na puso at nagsisising espiritu, **2 Ne.** 2:3–10, 25–27. Inihandog niya ang sarili para sa kasalanan, **2 Ne.** 2:7. Tinutubos ng pagbabayad-sala ang mga tao mula sa pagkahulog at inililigtas sila mula sa kamatayan at impiyerno, **2 Ne.** 9:5–24. Talagang kinakailangan ang isang walang hanggang pagbabayad-sala, **2 Ne.** 9:7. Makipagkasundo sa Diyos sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo, **Jac.** 4:11. Ang kanyang dugo ang nagbabayad-sala para sa mga kasalanan ng mga yaong nagkasala nang walang kabatiran, **Mos.** 3:11–18. Nakatanggap ng kaligtasan ang tao sa pamamagitan ng pagbabayad-sala, **Mos.** 4:6–8. Kung hindi dahil sa pagbabayad-sala, sila ay tiyak na hindi maiiwasang masawi, **Mos.** 13:27–32. Siya ang magbabayad-sala para sa mga kasalanan ng sanlibutan, **Alma** 34:8–16. Ang Diyos ang siyang nagbabayad-sala para sa mga kasalanan ng sanlibutan, upang maisakatuparan ang plano ng awa, **Alma** 42:11–30. Ako ang Diyos ng buong sangkatauhan, pinatay para sa mga kasalanan ng sanlibutan, **3 Ne.** 11:14. Ako, ang Diyos, ay pinagdusahan ang lahat ng ito para sa lahat, **D at T** 19:16. Ang maliliit na bata ay tinubos sa pamamagitan ng aking Bugtong na Anak, **D at T** 29:46–47. Masdan ang mga pagdurusa at kamatayan niya na walang ginawang kasalanan, **D at T** 45:3–5. Ang bagay na ito ay kahalintulad ng sakripisyo ng Bugtong na Anak, **Moi.** 5:7. Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo, ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas, **S ng P** 1:3.

**BELSASAR.** *Tingnan din sa* Babel, Babilonia

Sa Lumang Tipan, ang huling hari ng Babilonia, na naghari bago nasakop ni Ciro ang Babilonia; ang anak at kahalili ni Nabucodonosor (Dan. 5:1–2).

**BENJAMIN, AMA NI MOSIAS.** *Tingnan din sa* Mosias, Anak ni Benjamin

Isang propeta at hari sa Aklat ni Mormon (Mos. 1–6).

Humarap sa mabibigat na suliranin sa pagtatatag ng kapayapaan sa lupain, **Omni** 1:23–25 (S ni M 1:12–18). Tinuruan ang kanyang mga anak, **Mos.** 1:1–8. Iginawad ang kaharian sa kanyang anak na si Mosias, **Mos.** 1:9–18. Samasamang nagtipon ang kanyang mga tao upang pakinggan ang kanyang huling talumpati, **Mos.** 2:1–8. Nangusap sa kanyang mga tao, **Mos.** 2:9–4:30. Nakipagtipan sa Diyos ang kanyang mga tao, **Mos.** 5–6.

**BENJAMIN, ANAK NI JACOB.** *Tingnan din sa* Israel; Jacob, Anak ni Isaac

Sa Lumang Tipan, ang pangalawang anak nina Jacob at Raquel (Gen. 35:16–20).

*Ang lipi ni Benjamin:* Binasbasan ni Jacob si Benjamin (Gen. 49:27). Ang mga ina-

po ni Benjamin ay lahi ng mga malamandirigma. Ang dalawang kilalang mga Benjamita ay sina Saul, ang unang haring Israelita (1 Sam. 9:1–2), at Pablo, ang Apostol sa Bagong Tipan (Rom. 11:1).

**BERNABE**

Pangalang ibinigay kay Jose (na tinatawag ding Joses), isang Levita ng Chipre, na ipinagbili ang kanyang lupain at ibinigay ang salapi sa mga Apostol (Gawa 4:36–37). Kahit na hindi siya isa sa mga orihinal na Labindalawang Apostol, siya ay naging isa ring Apostol (Gawa 14:4, 14) at naglingkod sa ilang mga pangmisyonerong gawain (Gawa 11:22–30; 12:25; 13–15; 1 Cor. 9:6; Gal. 2:1, 9; Col. 4:10).

**BETANIA**

Ang nayon kung saan namalagi si Jesucristo noong mga huling linggo ng buhay niya rito (Mat. 21:17; Mar. 11:11). Matatagpuan sa timog-silangang libis ng Bundok ng mga Olibo, Betania ang tahanan nina Lazaro, Maria, at Marta (Juan 11:1–46; 12:1).

**BETEL**

Sa Hebreo, nangangahulugang “tahanan ng Diyos” at isa sa pinakabanal na lugar sa Israel. Ito ay matatagpuan mga 16 kilometro sa hilaga ng Jerusalem. Dito nagtayo si Abraham ng kanyang dambana sa panahon ng una niyang pagdating sa Canaan (Gen. 12:8; 13:3). Dito nakita ni Jacob sa isang pangitain ang isang hagdang humahanggan sa langit (Gen. 28:10–19). Ito rin ay isang banal na lugar noong kapanahunan ni Samuel (1 Sam. 7:16; 10:3).

**BETLEHEM**

Isang maliit na lunsod na matatagpuan 8 kilometro sa timog ng Jerusalem. Sa Hebreo, ang Betlehem ay nangangahulugang “tahanan ng tinapay”; ito rin ay tinatawag na Ephrata, nangangahulugang “palaanakin”. Isinilang si Jesucristo sa Betlehem (Mi. 5:2; Mat. 2:1–8). Ito ang lugar na pinaglibingan kay Raquel (Gen. 35:19; 48:7). Nanirahan doon sina Ruth at Boaz, **Ruth** 1:22. Doon pinahiran ng langis ni Samuel si David, **1 Sam.** 16:1–13; 17:12, 15; 20:6, 28. Ipinapatay ni Herodes ang mga bata roon, **Mat.** 2:16.

**BIBLIA.** *Tingnan din sa* Apocripa; Bagong Tipan; Banal na Kasulatan, Mga; Ephraim—Ang talaan ni Ephraim o Jose; Juda—Ang talaan ni Juda; Kanoniko; Lumang Tipan

Isang pinagsama-samang sulating Hebreo at Cristiyano na naglalaman ng mga banal na paghahayag. Ang salitang *Biblia* ay nangangahulugang “mga aklat”. Ang Biblia ay gawa ng maraming propeta at mga pinukaw-siglang manunulat na nagsikilos sa ilalim ng pamamatnubay ng Banal na Espiritu (2 Ped. 1:21).

Ang Bibliang Cristiyano ay may dalawang bahagi, na karaniwang tinatawag na Luma at Bagong Tipan. Ang Lumang Tipan ay binubuo ng mga aklat sa banal na kasulatan na ginagamit ng mga Judio sa Palestina sa panahon ng ministeryo ng Panginoon sa buhay na ito. Ang Bagong Tipan ay naglalaman ng mga sulating nabibilang sa panahon ng mga Apostol at ipinalalagay na may parehong kabanalan at karapatan tulad ng mga banal na kasulatang Judio. Ang mga aklat sa Lumang Tipan ay hinango mula sa pambansang panitikan na humahanggan nang mahigit sa ilang daang taon at halos isinulat na lahat sa salitang Hebreo, samantalang ang mga aklat sa Bagong Tipan ay gawa ng iisang salinlahi at karamihan ay nasusulat sa salitang Griyego.

Sa Lumang Tipan, ang salitang *tipan* ay sumasagisag sa isang salitang Hebreo na nangangahulugang “banal na kasunduan.” Ang Lumang Banal na Kasunduan ay ang batas na ibinigay kay Moises nang tanggihan ng Israel ang kabuuan ng ebanghelyo na taglay na ng mga tao ng Diyos mula pa noong simula ng buhay na ito. Ang Bagong Banal na Kasunduan ang ebanghelyong itinuro ni Jesucristo.

Sa Bibliang Hebreo (ang Lumang Tipan), ang mga aklat ay nahahati sa tat-

long bahagi: ang Batas, ang mga Propeta, at ang mga Sulatin. Ang Bibliang ginagamit sa daigdig ng mga Cristiyano ay inuuri ang mga aklat alinsunod sa paksang tinatalakay, alalaong baga'y pangkasaysayan, patula, at papropesiya.

Ang mga aklat sa Bagong Tipan ay karaniwang nasa ganitong pagkakaayos: ang apat na Ebanghelyo at Mga Gawa; ang mga sulat ni Pablo; ang pangkalahatang sulat nina Santiago, Pedro, Juan, at Judas; at ang Paghahayag ni Juan.

Pinagpipitaganan at iginagalang ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang Biblia at naninindigan din na patuloy na nagbibigay ang Panginoon ng mga karagdagang paghahayag sa pamamagitan ng kanyang mga propeta sa mga huling araw na nagtataguyod at nagpapatibay sa mga ulat sa Biblia ng pakikipag-ugnayan ng Diyos sa sangkatauhan.

Ang talaan ni Juda (ang Biblia) at ang talaan ni Jose (ang Aklat ni Mormon) ay magiging isa sa kamay ng Panginoon, **Ez.** 37:15–20. Ang katotohanan ng Biblia ay pagtitibayin ng banal na kasulatan ng huling araw, **1 Ne.** 13:38–40. Sasamahan ng Aklat ni Mormon ang Biblia sa pagbuwag sa maling doktrina, **2 Ne.** 3:12. Isang Biblia! Isang Biblia! Mayroon na kaming Biblia, **2 Ne.** 29:3–10. Lahat ng naniniwala sa Biblia ay maniniwala rin sa Aklat ni Mormon, **Morm.** 7:8–10. Ang mga elder ay magtuturo ng mga alituntunin ng aking ebanghelyo, na nasa Biblia at sa Aklat ni Mormon, **D at T** 42:12. Naniniwala kami na ang Biblia ay salita ng Diyos hangga't ito ay nasasalin nang wasto, **S ng P** 1:8.

**BIBLIA, PAGSASALIN NI JOSEPH SMITH (PJS).** *Tingnan sa* Pagsasalin ni Joseph Smith (PJS)

**BILANG, MGA.** *Tingnan din sa* Pentateuch

Ang ikaapat na aklat sa Lumang Tipan. Isinulat ni Moises ang aklat ng Mga Bilang. Isinasalaysay sa aklat ng Mga Bilang ang kuwento ng paglalakbay ng Israel mula sa Bundok ng Sinai patungo sa kapatagan ng Moab sa hangganan ng Canaan. Isa sa mahahalagang aral na itinuturo nito ay dapat lumakad ang mga tao ng Panginoon sa pananampalataya, nagtitiwala sa kanyang mga pangako, kung sila ay makapagpapatuloy nang matagumpay. Nagsasalaysay ito ng kaparusahan ng Panginoon sa Israel dahil sa pagsuway at nagbibigay ng kaalaman tungkol sa mga batas ng Israelita. Hinango ang pangalan ng aklat mula sa mga bilang na ibinigay (Blg. 1–2, 26).

Nasasaad sa mga kabanata 1–10 ang paghahanda ng mga Israelita sa paglikas sa Sinai. Inilalarawan sa mga kabanata 11–14 ang paglalakbay, ang pagpapadala ng mga tiktik sa Canaan, at ang pagtanggi ng Israel na pumasok sa lupang pangako. Natatala sa mga kabanata 15–19 ang iba't ibang batas at makasaysayang pangyayari. Ang mga kabanata 20–36 ay kasaysayan ng huling taon ng mga tao sa ilang.

**BILANGGUAN NG MGA ESPIRITU.** *Tingnan sa* Impiyerno

**BINHI NG MUSTASA**

Ang mga binhi ng isang tanim na mustasa. Bagaman ang binhi ay napakaliit, ang halamang lumalaki rito ay napakataas. Inihalintulad ni Jesus ang kaharian ng langit sa isang binhi ng mustasa (Mat. 13:31).

Kung magkakaroon kayo ng pananampalataya na kasinlaki ng butil ng binhi ng mustasa, kayo ay makapaglilipat ng mga bundok, **Mat.** 17:20.

**BINHI NI ABRAHAM.** *Tingnan sa* Abraham—Ang binhi ni Abraham

**BINUHAY.** *Tingnan din sa* Pagkabuhay na Mag-uli

Ang buhayin, ang mabuhay na mag-uli, o baguhin ang isang tao nang makatungo siya sa kinaroroonan ng Diyos.

Binuhay tayo ng Diyos na kasama ni Cristo, **Ef.** 2:4–5 (Col. 2:6, 12–13). Pinatay sa laman si Cristo, ngunit binuhay

sa Espiritu, **1 Ped.** 3:18 (D at T 138:7). Walang taong nakakita sa Diyos, maliban sa siya ay pinasigla ng Espiritu, **D at T** 67:11. Ang Pagtubos ay sa pamamagitan niya na nagbibigay-buhay sa lahat ng bagay, **D at T** 88:16–17. Ang mga Banal ay bubuhayin at aangat upang salubungin si Cristo, **D at T** 88:96. Si Adan ay binuhay sa panloob na pagkatao, **Moi.** 6:65.

**BIRHEN.** *Tingnan din sa* Maria, Ina ni Jesus

Isang lalaki o babae na nasa gulang na ng pag-aasawa na kailanman ay hindi pa nakipagtalik. Sa mga banal na kasulatan, ang isang birhen ay maaaring sumagisag sa isang taong may malinis na moralidad (Apoc. 14:4).

Isang birhen ang maglilihi at magsisilang ng isang anak, **Is.** 7:14 (Mat. 1:23; 2 Ne. 17:14). Ang kaharian ng langit ay inihalintulad sa sampung birhen, **Mat.** 25:1–13. Sa lunsod ng Nazaret ay nakamalas ako ng isang birhen, na ina ng Anak ng Diyos, **1 Ne.** 11:13–18. Si Maria ay isang birhen, isang mahalaga at piniling tao, **Alma** 7:10.

**BIRHENG MARIA.** *Tingnan sa* Maria, Ina ni Jesus

**BIYAYA.** *Tingnan din sa* Awa, Maawain; Bayad-sala, Pagbabayad-sala; Jesucristo; Kaligtasan

Ang kapangyarihang mula sa Diyos na makapagpapahintulot sa mga kalalakihan at kababaihan na makatamo ng mga biyaya sa buhay na ito at magkaroon ng buhay na walang hanggan at kadakilaan matapos nilang isagawa ang pananampalataya, nagsisi, at ibinigay ang kanilang buong pagsisikap na sundin ang mga kautusan. Ibinibigay ang gayong dakilang tulong o lakas sa pamamagitan ng awa at pag-ibig ng Diyos. Nangangailangan ang bawat mortal na tao ng dakilang biyaya dahil sa pagkahulog ni Adan at dahil din sa mga kahinaan ng tao.

Dumarating ang biyaya at katotohanan sa pamamagitan ni Jesucristo, **Juan** 1:17. Sa pamamagitan ng biyaya ni Cristo, tayo ay maliligtas, **Gawa** 15:11 (Rom. 3:23–24; D at T 138:14). Nagkaroon tayo ng pagpasok sa pamamagitan ng pananampalataya dahil sa kanyang biyaya, **Rom.** 5:2. Sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, **Ef.** 2:8. Nagdadala ng kaligtasan ang biyaya ng Diyos, **Tit.** 2:11. Dumulog sa trono ng biyaya, **Heb.** 4:16. Nagbibigay ng biyaya ang Diyos sa mga mapagkumbaba, **1 Ped.** 5:5. Walang sinuman ang makapananahanan sa kinaroroonan ng Diyos maliban sa pamamagitan ng kabutihan, awa, at biyaya ng Banal na Mesiyas, **2 Ne.** 2:8. Ito ay dahil lamang sa at sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos na ang mga tao ay maliligtas, **2 Ne.** 10:24. Naligtas tayo sa pamamagitan ng biyaya, sa kabila ng lahat ng ating magagawa, **2 Ne.** 25:23. Sa pamamagitan ito ng biyaya kaya may kapangyarihan kaming gawin ang mga bagay na ito, **Jac.** 4:7. Maaaring mapanumbalik ang mga tao nang biyaya sa biyaya, alinsunod sa kanilang mga gawa, **Hel.** 12:24. Sapat ang aking biyaya para sa maaamo at sa lahat ng nagpapakumbaba ng kanilang sarili, **Eter** 12:26–27. Nanalangin si Moroni na bigyan ng biyaya ang mga Gentil upang sila ay magkaroon ng pag-ibig sa kapwa-tao, **Eter** 12:36, 41. Sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos naging ganap kayo kay Cristo, **Moro.** 10:32–33. Nakatanggap si Jesus nang biyaya sa biyaya, **D at T** 93:12–13, 20.

**BOAZ.** *Tingnan din sa* Ruth

Asawa ni Ruth (Ruth 4:9–10); ninuno ni David, ang hari ng Israel (Ruth 4:13–17); at kanunununuan ni Cristo, ang Hari ng mga Hari (Lu. 3:32).

**BOTO.** *Tingnan sa* Pangkalahatang Pagsang-ayon

**BUDHI.** *Tingnan din sa* Ilaw, Liwanag ni Cristo

Ang panloob na pagkilala sa tama at mali, na nagmumula sa Liwanag ni Cristo sa lahat ng tao (Moro. 7:16). Isi-

nilang tayo na may likas na kakayahang makilala ang tama at mali dahil sa ibinigay na Liwanag ni Cristo sa bawat tao (D at T 84:46). Ang bagay na ito ay tinatawag na budhi. Ang pagkakaroon nito ang siyang lumilikha ng pagiging may pananagutan natin bilang mga nilalang. Tulad ng ibang kakayahan, ang ating budhi ay maaaring manghina dahil sa kasalanan o maling paggamit.

Hinatulan ng sarili nilang mga budhi ang mga escriba at Fariseo, **Juan** 8:9. Ang kanilang mga budhi ay nagpapatotoo rin, **Rom.** 2:14–15. Hinerohan ang mga budhi ng mga nagsipagtalikod sa pananampalataya na waring bakal na nagbabaga, **1 Tim.** 4:2. Ang tao ay tinuruan nang sapat upang kanilang makilala ang mabuti sa masama, **2 Ne.** 2:5. May malinis na budhi si Haring Benjamin sa harapan ng Diyos, **Mos.** 2:15. Napuspos ng galak ang mga Nephita, sa pagkakaroon ng katahimikan ng budhi, **Mos.** 4:3. Si Zisrom ay nasugatan sa ilalim ng kaalaman ng kanyang sariling pagkakasala, **Alma** 14:6. Ipinagkakaloob sa atin ang kagalakan o pagsisisi ng budhi alinsunod sa ating mga naisin, **Alma** 29:5. Isang kaparusahan at makatarungang batas ang nagdadala ng paggigiyagis sa budhi, **Alma** 42:18. Ang Espiritu ni Cristo ay ipinagkakaloob sa bawat tao upang malaman niya ang mabuti sa masama, **Moro.** 7:16. Nararapat na magkaroon ng malayang paggamit ng budhi ang bawat tao, **D at T** 134:2. Ako ay may budhi na walang kasalanan sa harapan ng Diyos, **D at T** 135:4. Inaangkin namin ang natatanging karapatang sambahin ang Diyos alinsunod sa mga atas ng aming sariling budhi, **S ng P** 1:11.

**BUGTONG NA ANAK.** *Tingnan din sa* Isinilang; Jesucristo

Isa pang pangalan para kay Jesucristo. Siya ang Bugtong na Anak ng Ama (Lu. 1:26–35; Juan 1:14; 3:16; 1 Ne. 11:18–20; 2 Ne. 25:12; Alma 7:10; 12:33; Moi. 7:62).

**BUHAY.** *Tingnan din sa* Buhay na Walang Hanggan; Ilaw, Liwanag ni Cristo

Ang temporal at espirituwal na buhay na ginawang umiral sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos.

Inilagay ko sa harapan mo sa araw na ito ang buhay at kabutihan, **Deut.** 30:15–20. Iyong ituturo sa akin ang landas ng buhay, **Awit** 16:11. Ang sumusunod sa katwiran ay nakasusumpong ng buhay, **Kaw.** 21:21. Ang nakasusumpong ng kanyang buhay ay mawawalan nito: at ang mawalan ng buhay dahil sa akin ay makasusumpong niyon, **Mat.** 10:39 (Mat. 16:25; Mar. 8:35; Lu. 9:24; 17:33). Ang Anak ng Tao ay hindi pumarito upang wasakin ang buhay ng tao, bagkus ay iligtas sila, **Lu.** 9:56. Nasa kanya ang buhay, at ang buhay ay siyang ilaw ng mga tao, **Juan** 1:4. Siya na naniniwala sa kanya na nagsugo sa akin ay lumipat na sa buhay mula sa kamatayan, **Juan** 5:24. Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay, **Juan** 14:6. Kung sa buhay lamang na ito tayo nagsisiasa kay Cristo, ay tayo sa lahat ng tao ang lalong kahabag-habag, **1 Cor.** 15:19–22. Ang kabanalan ay may pangako sa buhay na ito, at sa darating, **1 Tim.** 4:8. Ang ating mga anak ay makaaasa sa buhay na yaon na na kay Cristo, **2 Ne.** 25:23–27. Ang buhay na ito ang panahon para sa mga tao na maghanda sa pagharap sa Diyos, **Alma** 34:32 (Alma 12:24). Ako ang ilaw at buhay ng sanlibutan, **3 Ne.** 9:18 (Mos. 16:9; 3 Ne. 11:11; Eter 4:12). Pinagpala sila na matatapat, sa buhay man o sa kamatayan, **D at T** 50:5. Ito ang buhay na walang hanggan—na makilala ang Diyos at si Jesucristo, **D at T** 132:24. Ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao, **Moi.** 1:39.

**BUHAY BAGO PA ANG BUHAY NA ITO.** *Tingnan din sa* Digmaan sa Langit; Kapulungan sa Langit; Simula; Tao, Mga Tao

Ang buhay bago ang buhay sa mundo.

Lahat ng tao ay nabuhay kasama ng Diyos bilang kanyang mga espiritung anak bago nagtungo sa mundo bilang mga mortal na tao. Minsan ito ay tinatawag na unang kalagayan (Abr. 3:26).

Nang ilagay ng Diyos ang saligan ng mundo, lahat ng anak ng Diyos ay sumigaw sa kagalakan, **Job** 38:4–7. Ang espiritu ay babalik sa Diyos na nagbigay nito, **Ec.** 12:7. Bago kita inanyuan sa tiyan ay kilala na kita, **Jer.** 1:4–5. Tayong lahat ay kanyang mga anak, **Gawa** 17:28. Pinili tayo ng Diyos bago itinatag ang daigdig, **Ef.** 1:3–4. Tayo'y pasasakop sa Ama ng mga espiritu, **Heb.** 12:9. Ang mga anghel na hindi nangag-ingat ng kanilang sariling pamunuan, ay iingatan niya sa mga tanikalang walang hanggan, **Jud.** 1:6 (Abr. 3:26). Ang Diyablo at ang kanyang mga anghel ay pinalayas, **Apoc.** 12:9. Sila ay tinawag at inihanda mula pa sa pagkakatatag ng daigdig, **Alma** 13:3. Tinanaw ni Cristo ang kalawakan ng kawalang-hanggan at hukbo ng langit bago nilikha ang daigdig, **D at T** 38:1. Ang tao rin sa simula ay kasama ng Diyos, **D at T** 93:29 (Hel. 14:17; D at T 49:17). Ang marangal na espiritu ay pinili noon pa sa simula na maging mga pinuno ng Simbahan, **D at T** 138:53–55. Maraming nakatanggap ng kanilang unang aral sa daigdig ng mga espiritu, **D at T** 138:56. Lahat ng bagay ay nilikhang espirituwal bago sila likhain sa lupa, **Moi.** 3:5. Ako ang lumikha ng daigdig, at ng mga tao bago pa sila napasalamaan, **Moi.** 6:51. Nakita ni Abraham ang mga karunungan na isinaayos bago pa itatag ang daigdig, **Abr.** 3:21–24.

**BUHAY NA TUBIG.** *Tingnan din sa* Jesucristo

Isang sagisag ng Panginoong Jesucristo at ng kanyang mga turo. Sapagkat ang tubig ay mahalaga sa pagtataguyod ng pisikal na buhay, ang Tagapagligtas at ang kanyang mga turo (buhay na tubig) ay kinakailangan para sa buhay na walang hanggan.

Iigib ng tubig na may kagalakan sa mga balon ng kaligtasan, **Is.** 12:3. Kanilang iniwan ako na siyang bukal ng buhay na tubig, **Jer.** 2:13. Datapwat ang sinumang uminom ng tubig na sa kanya'y aking ibibigay ay hindi mauuhaw, **Juan** 4:6–15. Kung ang sinumang tao ay nauuhaw, ay pumarito siya sa akin, at uminom, **Juan** 7:37. Ang gabay na bakal ay nagbibigay-daan patungo sa bukal ng mga buhay na tubig, **1 Ne.** 11:25. Malayang makaiinom sa mga tubig ng buhay, **D at T** 10:66. Ang aking mga kautusan ay magiging balon ng buhay na tubig, **D at T** 63:23.

**BUHAY NA WALANG ASAWA.**
*Tingnan sa* Kasal, Pagpapakasal

**BUHAY NA WALANG HANGGAN.**
*Tingnan din sa* Bayad-sala, Pagbabayad-sala; Buhay; Kadakilaan; Kaluwalhatiang Selestiyal; Putong

Ang manirahan magpakailanman bilang mga mag-anak sa kinaroroonan ng Diyos (D at T 132:19–20, 24, 55). Buhay na walang hanggan ang pinakadakilang handog ng Diyos sa tao.

Ikaw ang may mga salita ng buhay na walang hanggan, **Juan** 6:68. Ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala nila, na iisang tunay na Diyos, at si Jesucristo, **Juan** 17:3 (D at T 132:24). Makipagbaka ka nang mabuting pakikipagbaka ng pananampalataya, manangan sa buhay na walang hanggan, **1 Tim.** 6:12. Ang mga tao ay malayang makapipili ng kalayaan at buhay na walang hanggan, **2 Ne.** 2:27 (Hel. 14:31). Ang maging espirituwal sa kaisipan ay buhay na walang hanggan, **2 Ne.** 9:39. Pagkatapos, kayo ay nasa makitid na landas na patungo sa buhay na walang hanggan, **2 Ne.** 31:17–20. Ang maniwala kay Cristo at magtiis hanggang wakas ay buhay na walang hanggan, **2 Ne.** 33:4 (3 Ne. 15:9). Siya na may buhay na walang hanggan ay mayaman, **D at T** 6:7 (D at T 11:7). Ang buhay na walang hanggan ang pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos, **D at T** 14:7 (Rom. 6:23). Ang mabubuti ay makatatanggap

ng kapayapaan sa daigdig na ito, at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating, **D at T** 59:23. Magkakaroon ng putong ng buhay na walang hanggan ang mga yaong nagtiis hanggang wakas, **D at T** 66:12 (D at T 75:5). Lahat ng namatay na walang kaalaman sa ebanghelyo na tatanggapin ang mga ito kung sila ay nabubuhay pa ay mga tagapagmana ng kahariang selestiyal, **D at T** 137:7–9. Ang gawain at kaluwalhatian ng Diyos ay isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao, **Moi.** 1:39. Ipinagkakaloob ng Diyos ang buhay na walang hanggan sa mga masunurin, **Moi.** 5:11.

**BUHAY NA WALANG KATAPUSAN.** *Tingnan sa* Buhay na Walang Hanggan

**BUKID.** *Tingnan din sa* Daigdig; Ubasan ng Panginoon

Sa banal na kasulatan, isang malawak na bahagi ng lupain na ginagamit sa pagsasaka o pastulan. Madalas nitong isinasagisag ang daigdig at ang mga tao nito.

Ang bukid ang daigdig, **Mat.** 13:38. Ang kaharian ng langit ay tulad ng kayamanang itinago sa isang bukid, **Mat.** 13:44. Ako ay nakamalas ng malaki at malawak na parang, **1 Ne.** 8:9, 20. Ang bukid ay hinog na, **Alma** 26:5. Ang bukid ay puti na upang anihin, **D at T** 4:4 (D at T 6:3; 11:3; 12:3; 14:3; 31:4; 33:3, 7). Ang bukid ang daigdig, **D at T** 86:1–2. Aking ihahalintulad ang mga kahariang ito sa isang tao na may bukid, **D at T** 88:51.

**BUKLOD, PAGBUBUKLOD.** *Tingnan din sa* Elijah; Ordenansa, Mga; Pagkasaserdote

Ang tanggapin sa langit ang mga ordenansang isinagawa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkasaserdote na nasa lupa. Nabubuklod ang mga ordenansa kapag natanggap nila ang pagsang-ayon ng Banal na Espiritu ng Pangako, na siyang Espiritu Santo.

Anuman ang iyong ibubuklod sa lupa ay mabubuklod sa langit, **Mat.** 16:19 (Mat. 18:18; D at T 124:93; 132:46). Kayo'y ibinuklod ng Banal na Espiritu ng Pangako, **Ef.** 1:13. Aking ibinibigay sa iyo ang kapangyarihan, na anuman ang ibubuklod mo sa lupa ay mabubuklod sa langit, **Hel.** 10:7. Sa kanila ay ibinigay ang kapangyarihang pagbubuklod kapwa sa lupa at sa langit, **D at T** 1:8. Sila na mga nasa selestiyal na kaluwalhatian ay pinagtibay ng Banal na Espiritu ng Pangako, **D at T** 76:50–70. Iginawad ni Elijah ang mga susi ng kapangyarihan ng pagbubuklod sa mga kamay ni Joseph Smith, **D at T** 110:13–16. Ito ang kapangyarihan ng pagbubuklod at pagtatali, **D at T** 128:14. Ang mas tiyak na salita ng propesiya ay nangangahulugan na malaman ng isang tao na siya ay ibinuklod sa buhay na walang hanggan, **D at T** 131:5. Lahat ng tipan na hindi ibinuklod ng Banal na Espiritu ng Pangako ay may katapusan kapag ang mga tao ay patay na, **D at T** 132:7. Ang dakilang gawaing gagawin sa mga templo ay sinasaklaw ang pagbubuklod ng mga anak sa kanilang mga magulang, **D at T** 138:47–48.

**BUMULUNG-BULONG.** *Tingnan din sa* Paghihimagsik

Ang umangal at dumaing laban sa mga layunin, plano o sa tagapaglingkod ng Diyos.

Ang mga tao ay bumulung-bulong laban kay Moises, **Ex.** 15:23–16:3. Ang mga Judio ay bumulung-bulong laban kay Jesus, **Juan** 6:41. Sina Laman at Lemuel ay bumulung-bulong tungkol sa maraming bagay, **1 Ne.** 2:11–12 (1 Ne. 3:31; 17:17). Huwag bumulung-bulong dahil sa mga bagay na hindi mo nakita, **D at T** 25:4.

**BUNDOK NG MGA OLIBO.** *Tingnan sa* Olibo, Bundok ng mga

**CAIFAS.** *Tingnan din sa* Anas; Saduceo, Mga

Sa Bagong Tipan, isang mataas na saserdote at manugang ni Anas. Masiga-

sig na nakiisa si Caifas sa pagsalungat kay Jesus at sa kanyang mga disipulo (Mat. 26:3–4; Juan 11:47–51; 18:13–14).

**CAIN.** *Tingnan din sa* Abel; Adan; Lihim na Pagsasabwatan, Mga; Pagpaslang

Anak nina Adan at Eva na pumaslang sa kanyang nakababatang kapatid na si Abel (Gen. 4:1–16).

Tinanggihan ng Panginoon ang kanyang handog, **Gen.** 4:3–7 (Moi. 5:5–8, 18–26). Pinatay ang kanyang kapatid na si Abel, **Gen.** 4:8–14 (Moi. 5:32–37). Isinumpa siya at minarkahan ng Panginoon, **Gen.** 4:15 (Moi. 5:37–41). Marami nang naging mga anak sina Adan at Eva bago siya isinilang, **Moi.** 5:1–3, 16–17. Higit na minahal si Satanas kaysa sa Diyos, **Moi.** 5:13, 18. Pumasok sa isang napakasamang tipan kay Satanas, **Moi.** 5:29–31.

**CALEB**

Isa sa mga yaong isinugo ni Moises upang hanapin ang lupain ng Canaan noong ikalawang taon makalipas ang Exodo. Siya lamang at si Josue ang nagbigay ng totoong ulat tungkol sa lupain (Blg. 13:6, 30; 14:6–38). Sila lamang sa lahat ng yaong lumisan sa Egipto ang natirang buhay sa 40 taong paglalakbay sa ilang (Blg. 26:65; 32:12; Deut. 1:36) at nakapasok sa Canaan (Jos. 14:6–14; 15:13–19).

**CALVARIO.** *Tingnan sa* Golgota

**CANAAN, CANAANITA**

Noong panahon ng Lumang Tipan, ang pang-apat na anak ni Ham (Gen. 9:22; 10:1, 6) at apo ni Noe. Ang salitang Canaanita ay tumutukoy sa sinumang nagbuhat sa lupaing unang pinanirahan ni Canaan at gayon din ng kanyang mga inapo. Ang Canaanita ang pangalang itinawag din sa mga taong naninirahan sa kapatagan sa may dalampasigan ng Mediterenean ng Palestina. Paminsan-minsan ang pangalang ito ay ginagamit upang ilarawan ang mga di-Israelita na naninirahan sa bayan sa may kanluran ng Jordan, na tinatawag ng mga Griyegong taga-Phoenicia.

**CESAR**

Sa Bagong Tipan, ang pangalan kung paano nakikilala ang ilang mga Romanong Emperador. Ginagamit ito sa mga banal na kasulatan bilang sagisag ng makamundong pamahalaan o kapangyarihan.

Ibigay kay Cesar ang mga bagay na para kay Cesar, **Mat.** 22:21 (Mar. 12:17; Lu. 20:25; D at T 63:26).

**CIRO**

Sa Lumang Tipan, ang hari ng Persia na siyang katuparan ng iprinopesiya ni Isaias (2 Cron. 36:22–23; Is. 44:28; 45:1). Sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa mga Judio na bumalik sa Jerusalem upang muling itayo ang templo, sa gayon bahagyang winakasan ang pagkakabihag sa Babilonia. Ipinahayag ang propesiya ni Isaias ng mga 180 taon bago pa ang pagkilos ng hari.

**CORIANTON.** *Tingnan din sa* Alma, Anak ni Alma

Sa Aklat ni Mormon, anak ni Alma, na anak ni Alma.

Nagtungo sa mga Zoramita, **Alma** 31:7. Tinalikuran ang ministeryo upang sundan ang isang patutot, **Alma** 39:3. Tinuruan siya ni Alma ng tungkol sa kalagayan ng pamumuhay matapos ang kamatayan, pagkabuhay na mag-uli, at pagbabayad-sala, **Alma** 39–42. Muling tinawag upang mangaral, **Alma** 42:31. Nagtungo sa lupaing kahilagaan na lulan ng isang sasakyang-dagat, **Alma** 63:10.

**CORIANTUMER.** *Tingnan din sa* Jaredita, Mga

Sa Aklat ni Mormon, isang hari ng mga Jaredita at ang huling naiwang buhay sa bansang Jaredita.

Natagpuan ng mga tao ni Zarahemla, **Omni** 1:21. Hari sa buong lupain, **Eter** 12:1–2. Nabihag ni Sared at pinalaya ng kanyang mga anak, **Eter** 13:23–24. Nakipaglaban sa maraming kaaway,

**Eter** 13:28–14:31. Nagsisi, **Eter** 15:3. Huling nakipaglaban sa digmaan kay Shiz, **Eter** 15:15–32.

**CORNELIO.** *Tingnan din sa* Gentil, Mga; Pedro; Senturyon

Isang senturyon sa Cesarea, bininyagan ni Pedro (Gawa 10). Siya marahil ang kauna-unahang Gentil na sumapi sa Simbahan na hindi muna naniwala sa Judaismo. Ang binyag ni Cornelio at ng kanyang mag-anak ang hudyat ng pagbubukas ng daan upang maipangaral ang ebanghelyo sa mga Gentil. Si Pedro, na siyang punong Apostol, na may hawak ng mga susi ng kaharian ng Diyos sa mundo nang panahong yaon, ang nag-atas ng pangangaral na ito.

**COWDERY, OLIVER**

Ang ikalawang elder ng pinanumbalik na Simbahan at isa sa Tatlong Saksi sa banal na pinagmulan at katotohanan ng Aklat ni Mormon. Gumanap siya bilang tagasulat ni Joseph Smith samantalang isinasalin ang Aklat ni Mormon mula sa mga laminang ginto (JS—K 1:66–68).

Nakatanggap ng patotoo tungkol sa katotohanan ng pagkakasalin ng Aklat ni Mormon, **D at T** 6:17, 22–24. Inordenan ni Juan Bautista, **D at T** 13 (D at T 27:8; JS—K 1:68–73, tingnan ang tala para sa talata 71). Matapos na inyong matamo ang pananampalataya at nakita ang mga ito ng inyong mga mata, kayo ay magpapatotoo na nakita ninyo ang mga ito, **D at T** 17:3, 5. Ipinaalam ko sa iyo, sa pamamagitan ng aking Espiritu, na ang mga bagay na iyong isinulat ay totoo, **D at T** 18:2. Hinirang at inorden bilang isa sa mga katiwala sa mga paghahayag, **D at T** 70:3. Natanggap ang mga susi ng pagkasaserdote na kasama ni Joseph Smith, **D at T** 110.

**CRISTIYANO, MGA.** *Tingnan din sa* Disipulo; Banal (pangngalan)

Ang pangalang ibinigay sa mga naniniwala kay Jesucristo. Bagaman ang salitang ito ay karaniwang ginagamit sa buong daigdig, tinawag ng Panginoon ang mga tunay na tagasunod ni Cristo na mga Banal (Gawa 9:13, 32, 41; 1 Cor. 1:2; D at T 115:4).

Ang mga disipulo ay tinawag na mga Cristiyano, **Gawa** 11:26. Kung sinumang tao ang magdusa bilang isang Cristiyano, hayaan siyang huwag mahiya, **1 Ped.** 4:16. Dahil sa tipan kayo ay tatawaging mga anak ni Cristo, **Mos.** 5:7. Tinawag na mga Cristiyano ang mga tunay na naniniwala ng mga yaong hindi kasapi sa Simbahan, **Alma** 46:13–16.

**CRISTO.** *Tingnan sa* Jesucristo

**CRONICA, MGA**

Dalawang aklat sa Lumang Tipan. Naglalaman ito ng isang maikling kasaysayan ng mga pangyayari mula sa Paglikha hanggang sa paghahayag ni Ciro ng pagpapahintulot sa mga Judio upang bumalik sa Jerusalem.

*Unang Mga Cronica:* Natatala sa mga kabanata 1–9 ang talaangkanan mula kay Adan hanggang kay Saul. Isinasalaysay ng kabanata 10 ang pagkamatay ni Saul. Binabakas ng mga kabanata 11–12 ang mga pangyayari na may kaugnayan sa paghahari ni David. Ipinaliliwanag ng mga kabanata 23–27 na ginawang hari si Solomon at isinaayos ang mga Levita. Ipinaliliwanag ng kabanata 28 na inutusan ni David si Solomon na magtayo ng templo. Natatala sa kabanata 29 ang pagkamatay ni David.

*Ikalawang Mga Cronica:* Binabakas ng mga kabanata 1–9 ang mga pangyayaring may kaugnayan sa paghahari ni Solomon. Nasasaad sa mga kabanata 10–12 ang tungkol sa paghahari ng anak ni Solomon na si Rehoboam, kung kailan ang nagkakaisang kaharian ng Israel ay nahati sa hilaga at timog kaharian. Inilalarawan sa mga kabanata 13–36 ang paghahari ng iba't ibang hari hanggang sa panahong masakop ang kaharian ng Juda ni Nabucodonosor. Nagwawakas ang aklat sa batas na ipinalabas ni Ciro na makababalik na ang mga nabihag na anak ni Juda sa Jerusalem.

## CRONOLOHIYA

Ang mga sumusunod na cronolohiya, o tala ng mga pangyayari, ay hindi gaanong marami at nagnanais lamang na magbigay sa mga mambabasa ng kaalaman ng sunud-sunod na mga pangyayaring naganap noong panahong biblikal at ng Aklat ni Mormon:

***Mga pangyayari noong kapanahunan ng mga sinaunang patriyarka:*** (Dahil sa kahirapan ng pagtiyak ng mga tamang petsa ng mga pangyayari sa bahaging ito, ang mga petsa ay hindi ibinigay.)

B.C. (O B.P.C.—Bago ang Panahon ng mga Cristiyano)

4000 Nahulog si Adan.
Naglingkod si Enoc.
Naglingkod si Noe; binaha ang mundo.
Itinayo ang Tore ng Babel; naglakbay ang mga Jaredita patungo sa lupang pangako.
Naglingkod si Melquisedec.
Namatay si Noe.
Isinilang si Abram (Abraham).
Isinilang si Isaac.
Isinilang si Jacob.
Isinilang si Jose.
Ipinagbili si Jose patungong Egipto.
Humarap si Jose sa Faraon.
Nagtungo si Jacob (Israel) at ang kanyang mag-anak sa Egipto.
Namatay si Jacob (Israel).
Namatay si Jose.
Isinilang si Moises.
Pinamunuan ni Moises ang mga anak ni Israel palabas ng Egipto (ang Exodo).
Nagbagong-kalagayan si Moises.
Namatay si Josue.
Pagkamatay ni Josue, nagsimula ang panahon ng mga hukom, ang unang hukom ay si Othoniel at si Samuel ang huli; ang pagkakaayos at petsa ng iba pa ay hindi gaanong tiyak.
Pinahirang maging hari si Saul.

---

***Mga Pangyayari sa Nagkakaisang Kaharian ng Israel:***

1095 Nagsimula ang paghahari ni Saul.
1063 Pinahirang maging hari si David ni Samuel.
1055 Naging hari si David sa Hebron (Ephron).
1047 Naging hari si David sa Jerusalem; nagpropesiya sina Nathan at Gad.
1015 Naging hari si Solomon ng buong Israel.
991 Natapos ang templo.
975 Namatay si Solomon; naghimagsik ang sampung lipi sa hilaga laban kay Rehoboam, na kanyang anak, at nahati ang Israel.

---

| *Mga Pangyayari sa Israel:* | *Mga Pangyayari sa Juda:* | *Mga Pangyayari sa Kasaysayan ng Aklat ni Mormon:* |
|---|---|---|
| 975 Naging hari si Jeroboam ng Israel. | | |
| | 949 Si Sisac, hari ng Egipto, ay dinambong ang Jerusalem. | |

*Mga Pangyayari sa Israel:*

875 Namahala si Acab sa Samaria sa may hilagang Israel; nagpropesiya si Elijah.

851 Gumawa si Eliseo ng mga dakilang himala.

792 Nagpropesiya si Amos.

790 Nagpropesiya sina Jonas at Oseas.

721 Nawasak ang Hilagang Kaharian; nadalang bihag ang sampung lipi; nagpropesiya si Mikas.

*Mga Pangyayari sa Juda:*

740 Nagsimulang magpropesiya si Isaias. (Natatag ang Roma; si Nabonasar ay naging hari ng Babilonia noong 747; naging hari si Tiglathpileser III ng Asiria magmula 747 hanggang 734.)

728 Naging hari si Ezechias ng Juda. (Naging hari si Salmanasar IV ng Asiria.)

642 Nagpropesiya si Nahum.

628 Nagpropesiya sina Jeremias at Zefanias.

609 Nagpropesiya si Obadias; nadalang bihag si Daniel sa Babilonia. (Bumagsak ang Ninive noong 606; naging hari si Nabucodonosor ng Babilonia magmula 604 hanggang 561.)

598 Nagpropesiya si Ezekiel sa Babilonia; nagpropesiya si Habacuc; naging hari ng Juda si Zedekias.

587 Nasakop ni Nabucodonosor ang Jerusalem.

*Mga Pangyayari sa Kasaysayan ng Aklat ni Mormon:*

600 Nilisan ni Lehi ang Jerusalem.

588 Lumisan si Mulek mula sa Jerusalem patungo sa lupang pangako.

588 Ihiniwalay ng mga Nephita ang kanilang sarili mula sa mga Lamanita (sa pagitan ng 588 at 570).

*Mga Pangyayari sa Kasaysayan ng Judio:*

537 Ipinag-utos ni Ciro na makababalik na ang mga Judio mula sa Babilonia.
520 Nagpropesiya sina Hagai at Zacarias.
486 Nabuhay si Ester.
458 Naatasan si Ezra na gumawa ng mga pagbabago.
444 Nahirang si Nehemias na maging gobernador ng Judea.
432 Nagpropesiya si Malakias.
332 Nasakop ng Dakilang Alexander ang Siria at Egipto.
323 Namatay si Alexander.
277 Ang Septuagint, na pagsasalin ng mga banal na kasulatang Judio sa salitang Griyego, ay sinimulan.
167 Nag-alsa si Mattatias, ang Macabeo laban sa Siria.
166 Naging pinuno si Hudas Macabeo ng mga Judio.
165 Nilinis ang templo at muling inilaan; pinasimulan ang Hanukka.
161 Namatay si Hudas Macabeo.
63 Nasakop ni Pompey ang Jerusalem, at nagwakas ang pamamahala ng mga Macabeo sa Israel.
51 Namahala si Cleopatra.
41 Pinagsamang tetrarka sina Herodes at Phasael sa Judea.

*Mga Pangyayari sa Kasaysayan ng Aklat ni Mormon:*

400 Natanggap ni Jarom ang mga lamina.
360 Natanggap ni Omni ang mga lamina.
148 Namatay na isang martir si Abinadi; muling itinatag ni Alma ang Simbahan sa gitna ng mga Nephita.
124 Ibinigay ni Benjamin ang kanyang huling talumpati sa mga Nephita.
100 Sinimulan nina Nakababatang Alma at mga anak ni Mosias ang kanilang gawain.
91 Nagsimula ang panunungkulan ng mga hukom sa mga Nephita.

| | *Mga Pangyayari sa Kasaysayan ng Judio:* | | *Mga Pangyayari sa Kasaysayan ng Aklat ni Mormon:* |
|---|---|---|---|
| 37 | Naging pinuno si Herodes sa Jerusalem. | | |
| 31 | Pinaglabanan ang Digmaan ng Actium; naging emperador ng Roma si Augusto magmula 31 B.C. hanggang A.D. 14. | | |
| 30 | Namatay si Cleopatra. | | |
| 17 | Muling ipinatayo ni Herodes ang templo. | | |
| | | 6 | Iprinopesiya ni Samuel, ang Lamanita ang pagsilang ni Cristo. |

| | *Mga Pangyayari sa Kasaysayang Cristiyano:* | | *Mga Pangyayari sa Kasaysayan ng Aklat ni Mormon:* |
|---|---|---|---|
| A.D. | (o P.C.—Panahong Cristiyano) Ang pagsilang ni Jesucristo | A.D. | (o P.C.) |
| 30 | Nagsimula ang ministeryo ni Cristo. | | |
| 33 | Ipinako sa krus si Cristo. | 33 o | |
| | | 34 | Nagpakita ang nabuhay na mag-uling si Cristo sa Amerika. |
| 35 | Nagbalik-loob si Pablo. | | |
| 45 | Humayo si Pablo sa kanyang unang paglalakbay bilang misyonero. | | |
| 58 | Isinugo si Pablo sa Roma. | | |
| 61 | Nagwakas ang kasaysayan ng mga Gawa ng mga Apostol. | | |
| 62 | Nasunog ang Roma; inusig ang mga Cristiyano sa ilalim ni Nero. | | |
| 70 | Lumikas ang mga Cristiyano sa Pella; nilusob ang Jerusalem at nasakop. | | |
| 95 | Inusig ang mga Cristiyano ni Domitian. | | |
| | | 385 | Nawasak ang bansang Nephita. |
| | | 421 | Itinago ni Moroni ang mga lamina. |

**CUBIT**

Ang karaniwang ginagamit na pangsukat ng haba ng mga Hebreo—nagmumula sa siko hanggang sa mga dulo ng daliri ang layo nito.

**CUMORAH, BUROL NG.** *Tingnan din sa* Aklat ni Mormon; Moroni, Anak ni Mormon; Smith, Joseph, Jr.

Isang maliit na burol na matatagpuan sa kanlurang bahagi ng New York, Estados Unidos ng Amerika. Dito itinago ng isang sinaunang propeta na nagngangalang Moroni ang mga laminang ginto na naglalaman sa ilang mga talaan ng mga bansang Nephita at Jaredita. Inatasang magtungo si Joseph Smith sa burol na ito noong 1827 ng nabuhay na mag-uling si Moroni upang kunin ang mga laminang ito at isalin ang isang

bahagi nito. Ang pagsasaling ito ay Aklat ni Mormon.

Nagtipun-tipon ang mga Nephita sa Cumorah, **Morm.** 6:2–4. Ang Cumorah ay nasa lupain ng maraming tubig, **Morm.** 6:4. Itinago ni Mormon ang mga talaan sa Burol ng Cumorah, **Morm.** 6:6. Lahat ay napatay maliban sa dalawampu at apat sa mga Nephita sa Cumorah, **Morm.** 6:11. Nakarinig tayo ng masasayang balita mula sa Cumorah, **D at T** 128:20. Kinuha ni Joseph Smith ang mga lamina mula sa Burol ng Cumorah, **JS—K** 1:42, 50–54, 59.

**DAAN.** *Tingnan din sa* Jesucristo; Lumakad, Lumakad na Kasama ng Diyos

Ang landas o daang sinusundan ng isang tao. Sinabi ni Jesus na siya ang daan (Juan 14:4–6).

Sundin ang mga kautusan ng Panginoon na lumakad sa kanyang mga landas, **Deut.** 8:6. Turuan mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, **Kaw.** 22:6 (2 Ne. 4:5). Sinabi ng Panginoon na ang kanyang mga lakad ay hindi natin mga lakad, **Is.** 55:8–9. Makitid ang pintuan at makipot ang daan patungo sa buhay, **Apoc.** 7:13–14 (3 Ne. 14:13–14; 27:33; D at T 132:22, 25). Ang Diyos ay gagawa ng paraan para sa inyo upang matakasan ang tukso, **1 Cor.** 10:13. Hindi nagbibigay ng kautusan ang Panginoon na hindi siya naghahanda ng paraan upang makasunod ang kanyang mga anak, **1 Ne.** 3:7 (1 Ne. 9:6; 17:3, 13). Walang ibang daan maliban sa ito ay sa pamamagitan ng pasukan, **2 Ne.** 9:41. Kayo ay malayang makakikilos para sa inyong sarili—ang piliin ang daan ng walang hanggang kamatayan o ang daan ng buhay na walang hanggan, **2 Ne.** 10:23. Ito ang daan at walang ibang daan ni pangalan, **2 Ne.** 31:21 (Mos. 3:17; Alma 38:9; Hel. 5:9). Sa paghahandog ng Anak, ang Diyos ay naghanda ng higit na mabuting paraan, **Eter** 12:11 (1 Cor. 12:31). Bawat tao ay lumalakad sa sarili niyang paraan, **D at T** 1:16. Ito ay kinakailangang magawa sa aking sariling pamamaraan, **D at T** 104:16.

**DAGAT NA PULA.** *Tingnan din sa* Moises

Katawan ng tubig sa pagitan ng Egipto at Arabia. Ang dalawang hilagang golpo nito ang humuhubog sa baybay-dagat ng Peninsula ng Sinai. Kahima-himalang hinati ng Panginoon ang Dagat na Pula upang makadaan sa ibabaw ng lupang tuyo ang mga Israelitang nasa ilalim ng pamumuno ni Moises (Ex. 14:13–31; Heb. 11:29). Ang pagkakahati ng dagat sa pamamagitan ni Moises ay pinagtibay sa huling araw na paghahayag (1 Ne. 4:2; Hel. 8:11; D at T 8:3; Moi. 1:25).

**DAIGDIG.** *Tingnan din sa* Babel, Babilonia; Mundo; Tiyak na Pagkamatay, May Kamatayan

Ang lupa; lugar ng pagsubok sa tao. Sa paglalarawan, yaong mga taong hindi sumusunod sa mga kautusan ng Diyos.

*Sa buhay na ito:* Sa daigdig ay mayroon kayong kapighatian, **Juan** 16:33. Huwag matakot sa kamatayan; sapagkat sa daigdig na ito ang inyong kagalakan ay hindi lubos, **D at T** 101:36.

*Mga taong hindi sumusunod sa mga kautusan:* Aking parurusahan ang sanlibutan dahil sa kanilang kasamaan, **Is.** 13:11 (2 Ne. 23:11). Kung kayo'y kinapopootan ng sanlibutan, ay inyong talastas na ako muna ang kinapootan bago kayo, **Juan** 15:18–19. Ang malaki at maluwang na gusali ang kapalaluan ng sanlibutan, **1 Ne.** 11:36. Ang sanlibutan ay nahihinog na sa kasamaan, **D at T** 18:6. Ingatan ang inyong sariling walang bahid-dungis mula sa sanlibutan, **D at T** 59:9. Siya na matapat at makapagtitiis hanggang wakas ay mananaig sa sanlibutan, **D at T** 63:47. Huwag kayong mamuhay na alinsunod sa pamamaraan ng sanlibutan, **D at T** 95:13.

*Katapusan ng daigdig:* Ako ay lumikha ng bagong lupa: at ang dati ay hindi na maaalaala, **Is.** 65:17 (Apoc. 21:1;

S ng P 1:10). Sa wakas ng daigdig na ito, titipunin ang mga agingay at susunugin sa apoy, **Mat.** 13:40, 49 (Mal. 4:1; Jac. 6:3). Ipasusunog ko ang aking olibohan sa pamamagitan ng apoy, **Jac.** 5:77 (D at T 64:23–24). Lulupigin ng Panginoon si Satanas at ang kanyang mga gawain sa katapusan ng daigdig, **D at T** 19:3. Ang mundo ay mamamatay, subalit muli itong bubuhayin, **D at T** 88:25–26. Ipinakita ng Panginoon kay Enoc ang wakas ng daigdig, **Moi.** 7:67.

**DAIGDIG NG MGA ESPIRITU.**
*Tingnan sa* Buhay Bago pa ang Buhay na Ito; Impiyerno; Paraiso

**DALILA.** *Tingnan din sa* Filisteo, Mga

Isang Filisteong babae sa Lumang Tipan na siyang luminlang at nagtaksil kay Samson (Huk. 16).

**DALISAY, KADALISAYAN.**
*Tingnan din sa* Malinis at Hindi Malinis; Pagpapakabanal

Malaya sa kasalanan o pag-uusig ng budhi; walang kasalanan. Nagiging dalisay ang isang tao kung ang kanyang mga pag-iisip at pagkilos ay malinis sa lahat ng bagay. Ang isang taong nagkasala ay maaaring maging dalisay sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo, pagsisisi, at pagtanggap ng mga ordenansa ng ebanghelyo.

Siya na may malilinis na kamay at may dalisay na puso ay tatanggap ng mga pagpapala ng Panginoon, **Awit** 24:3–5. Kayo'y magpakalinis, kayong nagdadala ng mga sisidlan ng Panginoon, **Is.** 52:11 (D at T 133:4–5). Pinagpala ang may malilinis na puso, **Mat.** 5:8 (3 Ne. 12:8). Anumang bagay na malinis, ay isipin ninyo ang mga bagay na ito, **Fil.** 4:8 (S ng P 1:13). Kayong lahat na may dalisay na puso, itaas ang inyong mga ulo at tanggapin ang kalugud-lugod na salita ng Diyos, **Jac.** 3:2–3. Kayo ba ay makatitingin sa Diyos sa araw na iyon na may dalisay na puso at malilinis na kamay? **Alma** 5:19. Sapagkat dalisay at walang bahid-dungis sa harapan ng Diyos, hindi sila makatitingin sa kasalanan maliban nang may pagkapoot, **Alma** 13:12. Magpakadalisay maging tulad ni Cristo na dalisay, **Moro.** 7:48 (Morm. 9:6). Ilalaan ni Cristo sa kanyang sarili ang mga taong dalisay, **D at T** 43:14. Nag-atas ang Panginoon na magtayo ng isang bahay sa Sion kung saan ang mga dalisay ay makikita ang Diyos, **D at T** 97:10–17. Ito ang Sion—ang may dalisay na puso, **D at T** 97:21.

**DAMASCO**

Isang sinaunang lunsod ng Siria.

Ang Damasco ay nakatayo sa isang mayamang kapatagan sa may dulo ng ilang at natutubigang mabuti ng ilog Barada. Ito ay paminsan-minsang binabanggit sa mga banal na kasulatan (nagsisimula sa Gen. 15:2). Patungo si Pablo sa Damasco nang magpakita sa kanya ang nabuhay na mag-uling Panginoon (Gawa 9:1–27; 22:5–16; 26:12–20; 2 Cor. 11:32–33).

**DAMBANA.** *Tingnan din sa* Hain

Isang yaring bagay na ginagamit para sa paghahain, paghahandog, at pagsamba.

Nagtayo si Noe ng dambana sa Panginoon at nag-alay ng mga handog na susunugin, **Gen.** 8:20. Nagtayo si Abram ng dambana sa Panginoon, **Gen.** 12:7–8. Iginapos ni Abraham si Isaac na kanyang anak sa dambana, **Gen.** 22:9 (Gen. 22:1–13). Nagtayo si Jacob doon ng dambana at tinawag ang lugar na El-beth-el, **Gen.** 35:6–7. Nagtayo si Elijah ng dambana at hinamon ang mga saserdote ni Baal, **1 Hari** 18:17–40. Kung ihahandog mo ang iyong hain sa dambana, makipagkasundo muna sa iyong kapatid, **Mat.** 5:23–24. Nakita ko sa ilalim ng dambana ang mga kaluluwa nila na mga pinatay dahil sa salita ng Diyos, **Apoc.** 6:9 (D at T 135:7). Nagtayo si Lehi ng dambanang bato at nagbigay-pasalamat sa Panginoon, **1 Ne.** 2:7. Iniligtas si Abraham mula sa kamatayan sa dambana ni Elkenah, **Abr.** 1:8–20.

**DAN.** *Tingnan din sa* Israel; Jacob, Anak ni Isaac

Sa Lumang Tipan, ang anak nina Jacob at Bilha, na katulong ni Raquel (Gen. 30:5–6).

*Ang lipi ni Dan:* Para sa pagbabasbas ni Jacob kay Dan, tingnan sa **Gen.** 49:16–18. Para sa pagbabasbas ni Moises sa lipi ni Dan, tingnan sa **Deut.** 33:22. Matapos silang makarating sa Canaan, nakatanggap ang lipi ni Dan ng isang maliit subalit matabang piraso ng lupa (Jos. 19:40–48). Dumanas sila ng maraming hirap sa pagtatanggol nito laban sa mga Amorrheo (Huk. 1:34) at laban sa mga Filisteo (Huk. 13:2, 25; 18:1). Bunga nito, lumikas ang mga Danita sa hilaga ng Palestina (Huk. 18), sa may Lais, at iyon ay pinangalanang lunsod ng Dan. Ang bayang ito ay kilala bilang hilagang hangganan ng Palestina, na umaabot "mula sa Dan maging hanggang sa Beerseba."

**DANIEL**

Ang pangunahing tauhan sa aklat ni Daniel sa Lumang Tipan; isang propeta ng Diyos at isang lalaking may dakilang pananampalataya.

Walang nalalaman tungkol sa kanyang mga magulang, bagaman lumilitaw na mula siya sa maharlikang angkan (Dan. 1:3). Dinala siyang bihag sa Babilonia, kung saan niya tinanggap ang pangalang Belsasar (Dan. 1:6–7). Tinanggihan ni Daniel at tatlo pang bihag ang pagkain ng hari sa kadahilanang pangrelihiyon (Dan. 1:8–16).

Nakuha ni Daniel ang pagsang-ayon ni Nabucodonosor at Dario dahil sa makapangyarihan niyang pagpapaliwanag sa mga panaginip (Dan. 2:4). Binasa rin niya at ipinaliwanag ang sulat-kamay sa muog (Dan. 5). Nagbalak laban sa kanya ang kanyang mga kaaway, at itinapon siya sa yungib ng mga leon, subalit iniligtas ng Panginoon ang kanyang buhay (Dan. 6).

*Ang aklat ni Daniel:* Ang aklat ay may dalawang bahagi: ang mga kabanata 1–6 ay mga kuwento tungkol kay Daniel at sa tatlo niyang kasamahan; mga kabanata 7–12 ay mga mala-propetang pangitain na nakita ni Daniel. Itinuturo ng aklat ang kahalagahan ng pagiging tapat sa Diyos at ipinakikitang pinagpapala ng Panginoon ang matapat.

Isang malaking ambag ng aklat ang pagpapaliwanag sa panaginip ni Haring Nabucodonosor. Sa panaginip, inilalarawan ang kaharian ng Diyos sa mga huling araw bilang isang bato na natibag sa isang bundok. Ang bato ay lalaganap hanggang sa mapuno nito ang buong mundo (Dan. 2; tingnan din sa D at T 65:2).

**DARIO.** *Tingnan din sa* Babel, Babilonia

Sa Lumang Tipan, ang hari ng taga-Media na namahala sa Babilonia pagkamatay ni Belsasar (Dan. 5:31; 6:9, 25–28; 9:1; 11:1).

**DAVID.** *Tingnan din sa* Awit; Bath-sheba

Isang hari sa sinaunang Israel sa Lumang Tipan.

Anak si David ni Jesse ng lipi ni Juda. Isa siyang matapang na kabataan na pumatay ng isang leon, oso, at sa higanteng Filisteo na si Goliat (1 Sam. 17). Pinili at pinahiran ng langis si David upang maging hari ng Israel. Tulad ni Saul, sa katanghalian ng kanyang buhay siya ay nagkasala ng mabibigat, subalit, hindi tulad ni Saul, siya ay may kakayahang tunay na magsisi. Samakatwid nakatagpo siya ng kapatawaran, maliban sa pagpaslang kay Uria (D at T 132:39). Ang buhay niya ay maaaring hatiin sa apat na yugto: (1) sa Betlehem kung saan siya naging pastol (1 Sam. 16–17); (2) sa hukuman ni Haring Saul (1 Sam. 18–19:18); (3) bilang isang palaboy (1 Sam. 19:18–2 Sam. 1:27); (4) bilang hari ng Juda at Hebron (2 Sam. 2–4), at di naglaon naging hari ng buong Israel (2 Sam. 5–1 Hari 2:11).

Ang salang pakikiapid ni David kay Bath-sheba ay sinundan ng sunud-

sunod na kamalasan na puminsala sa nalalabing dalawampung taon ng kanyang buhay. Sa kabuuan ang bansa ay umunlad sa panahon ng kanyang paghahari, subalit pinagdusahan din ni David ang ibinunga ng kanyang mga kasalanan. Nagkaroon ng malimit na alitan sa mag-anak, na, sa ganang pangyayari kina Absalom at Adonias, ay nagwakas sa hantarang paghihimagsik. Ang mga pangyayaring ito ay katuparan ng ipinahayag ng propetang si Nathan kay David dahil sa kanyang mga kasalanan (2 Sam. 12:7–13).

Sa kabila ng mga kasawiang ito, ang paghahari ni David ang pinakamaningning sa kasaysayan ng Israel, sapagkat (1) napag-isa niya ang mga lipi sa iisang bansa, (2) napagtibay niya ang di mapag-aalinlangang pag-aari ng bayan, (3) ibinatay niya ang pamahalaan sa tunay na relihiyon kung kaya nga't ang kalooban ng Diyos ang naging batas ng Israel. Sa mga kadahilanang ito, di naglaon ang paghahari ni David ay ipinalagay na siyang ginintuang panahon ng bansa at ang uri ng higit na maluwalhating panahon kapag pumarito na ang Mesiyas (Is. 16:5; Jer. 23:5; Ez. 37:24–28).

Inilalarawan ng buhay ni David ang pangangailangan ng lahat ng tao na manatili hanggang wakas sa kabutihan. Sa kabataan, siya ay sinasabing isang taong ayon sa "sariling puso" ng Panginoon (1 Sam. 13:14); sa katanghaliang gulang, nakapangusap siya sa pamamatnubay ng Espiritu at nakatanggap ng maraming paghahayag. Subalit nagbayad siya ng malaki dahil sa kanyang pagsuway sa mga kautusan ng Diyos (D at T 132:39).

**DEBORA**

Sa Lumang Tipan, isang propetisa na humatol sa Israel at nag-udyok kay Barac laban sa mga Canaanita (Huk. 4). Ang awit nina Debora at Barac ay ipinagdiwang ang paglaya ng Israel mula sa pagkaalipin (Huk. 5).

**DESERET.** *Tingnan din sa* Jaredita, Mga

Sa Aklat ni Mormon, isang salitang Jaredita na nangangahulugang "pukyutan" (Eter 2:3).

**DEUTERONOMIO.** *Tingnan din sa* Pentateuch

Ibig sabihin "pag-ulit ng batas" at ang ikalimang aklat sa Lumang Tipan.

Nilalaman ng Deuteronomio ang huling tatlong talumpati ni Moises, na kanyang ibinigay sa kapatagan ng Moab bago siya kinuha sa langit. Ang unang talumpati (mga kabanata 1–4) ay pambungad. Ang ikalawang talumpati (mga kabanata 5–26) ay binubuo ng dalawang bahagi: (1) Sa mga kabanata 5–11—ang Sampung Kautusan at isang praktikal na paliwanag tungkol sa mga ito; at (2) Sa mga kabanata 12–26—isang alituntunin ng mga batas, na siyang simula ng buong aklat. Ang ikatlong talumpati (mga kabanata 27–30) ay naglalaman ng taimtim na pagpapanibago ng tipan sa pagitan ng Israel at ng Diyos at pagpapahayag ng mga pagpapalang sasapit dahil sa pagsunod at mga kaparusahang sasapit dahil sa pagsuway. Inilalarawan ng mga kabanata 30–34 ang pagbibigay ng mga batas sa mga Levita, ang awit at huling pagbabasbas ni Moises, at ang paglisan ni Moises.

**DIBORSIYO.** *Tingnan din sa* Kasal, Pagpapakasal

Ang pagwawalang-bisa sa kasal sa pamamagitan ng kapangyarihan na pambayan o batas ng simbahan. Ayon sa Bagong Tipan, pinahintulutan ng Diyos ang diborsiyo sa ilang pagkakataon dahil sa katigasan ng mga puso ng tao; gayunman, tulad ng ipinaliwanag ni Jesus, "sa simula ay hindi gayon" (Mat. 19:3–12). Pangkalahatang nagpapayo ang mga banal na kasulatan laban sa diborsiyo at pinapayuhan ang mga mag-asawa na mahalin ang isa't isa sa kabutihan (1 Cor. 7:10–12; D at T 42:22).

**DIGMAAN.** *Tingnan din sa* Kapayapaan

Isang labanan o sagupaan ng sandata; paglalaban sa pamamagitan ng mga sandata. Sinasang-ayunan lamang ng Panginoon ang digmaan bilang huling paraan ng kanyang mga Banal upang ipagtanggol ang kanilang mga maganak, ari-arian, karapatan, pribilehiyo, at kalayaan (Alma 43:9, 45–47).

Hinangad ni Moroni na ipagtanggol ang kanyang mga tao, ang kanyang mga karapatan, ang kanyang bayan, at ang kanyang relihiyon, **Alma** 48:10–17. Nakatanggap si Joseph Smith ng isang paghahayag at nagpropesiya ng isang digmaan, **D at T** 87. Talikuran ang digmaan at ipahayag ang kapayapaan, **D at T** 98:16, 34–46. Kami ay naniniwala na ang mga tao ay binibigyang-katwiran sa pagtatanggol ng kanilang sarili, ng kanilang mga kaibigan, at ari-arian, at ng pamahalaan, **D at T** 134:11. Naniniwala kami sa pagsunod, paggalang at pagtataguyod ng batas, **S ng P** 1:12.

**DIGMAAN SA LANGIT.** *Tingnan din sa* Buhay Bago pa ang Buhay na Ito; Kapulungan sa Langit

Ang labanang naganap noon bago pa ang buhay na ito sa mga espiritung anak ng Diyos.

Pinalayas si Satanas sa langit at itinapon sa lupa, **Apoc.** 12:4, 7–9. Ang diyablo at ang ikatlong bahagi ng nasa langit ay pinalayas, **D at T** 29:36–37. Naghimagsik si Lucifer laban sa Bugtong na Anak, **D at T** 76:25–26. Hinangad ni Satanas ang kaluwalhatian ng Ama at wasakin ang kalayaang mamili ng tao, **Moi.** 4:1–4 (Is. 14:12–15; Abr. 3:27–28). Yaong mga sumunod sa Diyos ay napanatili ang kanilang unang kalagayan, nagtungo sa lupa, at nakatanggap ng mga katawan, **Abr.** 3:26.

**DILA.** *Tingnan din sa* Wika, Kaloob na Mga

Isang sagisag ng pananalita. Pigilan ng mga Banal ang kanilang mga dila, ibig sabihin na pigilan nila ang kanilang pagsasalita. Tumutukoy rin ang dila sa mga wika at tao. Sa katapusan, ang bawat tuhod ay luluhod at ang bawat dila ay magtatapat sa Diyos (Is. 45:23; Rom. 14:11).

Ingatan mo ang iyong dila mula sa masama, **Awit** 34:13 (1 Ped. 3:10). Sinumang nag-iingat ng kanyang bibig at ng kanyang dila, nag-iingat ng kanyang kaluluwa mula sa kabagabagan, **Kaw.** 21:23. Ang sinumang tao na hindi pinipigil ang kanyang dila, ang relihiyon ng taong ito ay walang kabuluhan, **Sant.** 1:26. Kung ang sinuman ay hindi natitisod sa salita, siya rin ay isang taong ganap, **Sant.** 3:1–13. Ipangangaral ang ebanghelyo sa lahat ng bansa, lahi, wika, at tao, **Apoc.** 14:6–7 (2 Ne. 26:13; Mos. 3:13, 20; D at T 88:103; 112:1). Ang Panginoon ay nagtutulot sa lahat ng bansa, sa kanilang sariling bansa at wika, na ituro ang kanyang salita, **Alma** 29:8. Ipahahayag ang mga laminang ito sa lahat ng bansa, lahi, wika, at tao, **Alma** 37:4. Matamo ang aking salita, at pagkatapos ay kakalagan ang iyong dila, **D at T** 11:21. Bawat tao ay maririnig ang kabuuan ng ebanghelyo sa kanyang sariling wika, **D at T** 90:11.

**DISIPULO.** *Tingnan din sa* Apostol; Cristiyano, Mga; Pagbabalik-loob, Nagbalik-loob; Pamatok

Isang tagasunod ni Jesucristo na namumuhay alinsunod sa mga aral ni Cristo (D at T 41:5). Ginagamit ang salitang *disipulo* upang ilarawan ang Labindalawang Apostol na tinawag ni Cristo noong panahon ng kanyang ministeryo sa buhay na ito (Mat. 10:1–4). Ginagamit din ang salitang *disipulo* upang ilarawan ang labindalawang kalalakihang pinili ni Jesus na mamuno sa kanyang Simbahan sa mga Nephita at Lamanita (3 Ne. 19:4).

Tatakan mo ang batas sa gitna ng aking mga disipulo, **Is.** 8:16. Kung kayo'y magsisipanatili sa aking salita, kung magkagayon kayo nga ay aking mga disipulo, **Juan** 8:31. Si Mormon ay isang disipulo ni Jesucristo, **3 Ne.** 5:12–13.

Kayo ay aking mga disipulo, **3 Ne.** 15:12. Tatlo sa mga disipulo ang hindi makatitikim ng kamatayan, **3 Ne.** 28:4–10. Ang tinig ng babala ay sa pamamagitan ng mga bibig ng aking mga disipulo, **D at T** 1:4. Ang aking mga disipulo ay tatayo sa mga banal na lugar, **D at T** 45:32. Yaong mga hindi makaalaala sa mga maralita, nangangailangan, maysakit at naghihirap ay hindi ko mga disipulo, **D at T** 52:40. Kung sinuman ang hindi nakahandang ialay ang kanyang buhay ay hindi ko disipulo, **D at T** 103:27–28.

**DISPENSASYON.** *Tingnan din sa* Ebanghelyo; Pagkasaserdote; Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo; Susi ng Pagkasaserdote, Mga

Ang dispensasyon ng ebanghelyo ay isang itinakdang panahon kung kailan tumatawag ang Panginoon ng kahit isa man lamang na tagapaglingkod na binigyang-karapatan sa mundo na nagtataglay ng mga susi ng banal na pagkasaserdote.

Bawat isa kina Adan, Enoc, Noe, Abraham, Moises, Jesucristo, Joseph Smith, at iba pa ay nagpasimula ng bagong dispensasyon ng ebanghelyo. Kapag nagsasaayos ang Panginoon ng isang dispensasyon, ang ebanghelyo ay muling ipinahahayag nang sa gayon ang mga tao ng dispensasyong iyon ay hindi kinakailangang umasa sa mga lumipas na dispensasyon upang magkaroon ng kaalaman tungkol sa plano ng kaligtasan. Ang dispensasyong sinimulan ni Joseph Smith ay kilala bilang "dispensasyon ng kaganapan ng panahon."

Ang Diyos ng langit ay magtatayo ng isang kaharian, **Dan.** 2:44 (D at T 65). Sa mga huling araw ibubuhos ko ang aking Espiritu sa lahat ng laman, **Gawa** 2:17 (Joel 2:28). Kinakailangang tanggapin ng langit si Cristo hanggang sa panahon ng panunumbalik ng lahat ng bagay, **Gawa** 3:21. Sa dispensasyon ng kaganapan ng panahon, sama-samang titipunin ng Diyos ang lahat ng bagay kay Cristo, **Ef.** 1:10. Itatatag ko ang aking simbahan sa kanila, **3 Ne.** 21:22. Ibinigay ng Panginoon ang mga susi ng kanyang kaharian at ang dispensasyon ng ebanghelyo para sa huling panahon, **D at T** 27:13. Ang mga susi ng dispensasyong ito ay ipinagkakatiwala sa iyong mga kamay, **D at T** 110:12–16. Ang lahat ng susi ng mga lumipas na dispensasyon ay ibinalik sa dispensasyon ng kaganapan ng panahon, **D at T** 128:18–21.

**DIYABLO.** *Tingnan din sa* Anak na Lalaki ng Kapahamakan, Mga; Anti-Cristo; Espiritu—Masasamang Espiritu; Impiyerno; Lucifer; Mangwawasak

Si Satanas. Ang diyablo ang siyang kaaway ng kabutihan at ng mga yaong nagsisikap gawin ang kalooban ng Diyos. Siya ay literal na espiritung anak ng Diyos at minsan ay isang anghel na may kapangyarihan sa harapan ng Diyos (2 Ne. 2:17; Is. 14:12). Gayunman, naghimagsik siya bago pa man ang buhay sa mundo at hinikayat ang ikatlong bahagi ng mga espiritung anak ng Ama na maghimagsik sa kanya (D at T 29:36; Moi. 4:1–4; Abr. 3:27–28). Itinapon silang palabas ng langit, pinagkaitan ng pagkakataong magkaroon ng mga katawang lupa at makaranas ng buhay sa mundo, at walang hanggang isinumpa. Magmula nang itapon palabas ng langit ang diyablo, patuloy siya sa paghahangad na malinlang ang lahat ng kalalakihan at kababaihan at ilayo sila mula sa mga gawain ng Diyos upang gawing kaaba-abang katulad niya ang buong sangkatauhan (Apoc. 12:9; 2 Ne. 2:27; 9:8–9).

Pinagwikaan ni Jesus ang diyablo, **Mat.** 17:18. Walang hanggang apoy ang inihanda para sa diyablo at sa kanyang mga anghel, **Mat.** 25:41. Paglabanan ang diyablo, at tatakasan niya kayo, **Sant.** 4:7. Ang masasama ay hihilahing pababa tungo sa pagkabihag ng diyablo, **1 Ne.** 14:7. Ang diyablo ang siyang ama ng lahat ng kasinungalingan, **2 Ne.** 2:18 (Moi. 4:4). Hinahangad ng diyablo na ang lahat ng tao ay maging kaaba-abang

katulad niya, **2 Ne.** 2:27. Kung ang laman ay hindi na babangon pa, ang ating mga espiritu ay kailangang mapasakop sa diyablo, **2 Ne.** 9:8–9. Ang diyablo ay mananalanta, magpapayapa, at manghihibok, **2 Ne.** 28:20–23. Ang yaong masama ay nagmumula sa diyablo, **Omni** 1:25 (Alma 5:40; Moro. 7:12, 17). Mag-ingat na baka magkaroon ng pagtatalo sa inyo, at inyong sundin ang masamang espiritu, **Mos.** 2:32. Kung kayo ay hindi mga tupa ng mabuting pastol, ang diyablo ang inyong pastol, **Alma** 5:38–39. Hindi itataguyod ng diyablo ang kanyang mga anak, **Alma** 30:60. Parating patuloy na manalangin upang kayo ay hindi madala sa mga tukso ng diyablo, **Alma** 34:39 (3 Ne. 18:15, 18). Itayo ang inyong saligan sa Manunubos upang ang malakas na bagyo ng diyablo ay hindi magkaroon ng kapangyarihan sa inyo, **Hel.** 5:12. Ang diyablo ang siyang nagpasimula sa lahat ng kasalanan, **Hel.** 6:26–31. Ang diyablo ay naghangad na maghanda ng isang tusong plano, **D at T** 10:12. Kinakailangan na ang diyablo ay tuksuhin ang mga anak ng tao, o hindi sila magiging kinatawan, **D at T** 29:39. Napasailalim si Adan sa kalooban ng diyablo dahil siya ay nagpadala sa tukso, **D at T** 29:40. Maghahari ang mga anak na lalaki ng kapahamakan kasama ang diyablo at ang kanyang mga anghel sa kawalang-hanggan, **D at T** 76:33, 44. Ang diyablo ay igagapos ng isanlibong taon, **D at T** 88:110 (Apoc. 20:2). Inalis ng yaong masama ang liwanag at katotohanan, **D at T** 93:39. Hindi napanatili ni Satanas ang kanyang unang kalagayan, **Abr.** 3:28.

*Ang simbahan ng diyablo:* Lahat ng masama at makamundong samahan sa mundo na nagliligaw sa dalisay at ganap na ebanghelyo at kumakalaban sa Kordero ng Diyos.

Itinatag ng diyablo ang makapangyarihan at karumal-dumal na simbahan, **1 Ne.** 13:6 (1 Ne. 14:9). May dalawang simbahan lamang, isa sa Kordero ng Diyos at isa sa diyablo, **1 Ne.** 14:10 (Alma 5:39). Huwag makipagtalo laban sa anumang simbahan, maliban sa simbahan ng diyablo, **D at T** 18:20. Ang makapangyarihan at karumal-dumal na simbahan ay pababagsakin, **D at T** 29:21.

**DIYAKONO.** *Tingnan din sa* Pagkasaserdoteng Aaron

Isang katungkulan sa paglilingkod sa Simbahan noong kapanahunan ng Apostol na si Pablo (Fil. 1:1; 1 Tim. 3:8–13) at isang katungkulan sa Pagkasaserdoteng Aaron (D at T 20:38, 57–59; 84:30, 111; 107:85).

**DIYOS, PANGULUHANG DIYOS.** *Tingnan din sa* Ama sa Langit; Espiritu Santo; Jesucristo; Panginoon

May tatlong magkahiwalay na katauhan sa Panguluhang Diyos: Diyos, ang Amang Walang Hanggan; ang kanyang Anak, si Jesucristo; at ang Espiritu Santo. Naniniwala kami sa bawat isa sa kanila (S ng P 1:1). Mula sa paghahayag ng huling araw nalaman natin na ang Ama at ang Anak ay may katawang laman at buto na nahahawakan at ang Espiritu Santo ay isang katauhan na espiritu, walang katawang laman at buto (D at T 130:22–23). Ang tatlong katauhang ito ay magkakasama sa ganap na pagkakaisa at magkakatugma ng layunin at doktrina (Juan 17:21–23; 2 Ne. 31:21; 3 Ne. 11:27, 36).

*Diyos Ama:* Ito ang Ama, o Elohim, na tinutukoy ng katawagang Diyos. Tinawag siyang Ama dahil siya ang ama ng ating mga espiritu (Mal. 2:10; Blg. 16:22; 27:16; Mat. 6:9; Ef. 4:6; Heb. 12:9). Ang Diyos Ama ang pinakadakilang namamahala ng sansinukob. Siya ay pinakamakapangyarihan (Gen. 18:14; Alma 26:35; D at T 19:1–3), nakaaalam ng lahat (Mat. 6:8; 2 Ne. 2:24), at saan mang dako ay naroroon sa pamamagitan ng kanyang Espiritu (Awit 139:7–12; D at T 88:7–13, 41). May natatanging kaugnayan ang sangkatauhan sa Diyos na naghihiwalay sa tao sa iba pang bagay na nilikha: mga espiritu ng anak ng Diyos

ang mga lalaki at babae (Awit 82:6; 1 Juan 3:1–3; D at T 20:17–18).

May ilang naitalang mga pangyayari na ang Diyos Ama ay nagpakita o nangusap sa tao. Isinasaad sa mga banal na kasulatan na nangusap siya kina Adan at Eva (Moi. 4:14–31) at ipinakilala si Jesucristo sa ilang pagkakataon (Mat. 3:17; 17:5; Juan 12:28–29; 3 Ne. 11:3–7). Nagpakita siya kina Esteban (Gawa 7:55–56) at Joseph Smith (JS—K 1:17). Sa huli ay nagpakita siya kapwa kina Joseph Smith at Sidney Rigdon (D at T 76:20, 23). Sa mga yaong umiibig sa Diyos at dinadalisay ang kanilang sarili sa harapan niya, pinagkakaloob minsan ng Diyos ang pribilehiyong makita at makilala sa kanilang sarili na siya ang Diyos (Mat. 5:8; 3 Ne. 12:8; D at T 76:116–118; 93:1).

Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan? **Mar.** 15:34. Ang mga taong ito ang mga tagapaglingkod ng pinakadakilang Diyos, **Gawa** 16:17. Tayo ay mga anak ng Diyos, **Gawa** 17:28–29. Ihandog ang inyong mga sakramento sa Kataas-taasan, **D at T** 59:10–12. Namalas ni Enoc ang mga espiritung nilalang ng Diyos, **Moi.** 6:36. Tao ng Kabanalan ang kanyang pangalan, **Moi.** 6:57.

*Diyos Anak:* Ang Diyos na kilala bilang Jehova ay ang Anak, si Jesucristo (Is. 12:2; 43:11; 49:26; 1 Cor. 10:1–4; 1 Tim. 1:1; Apoc. 1:8; 2 Ne. 22:2). Gumagawa si Jesus sa ilalim ng pamamatnubay ng Ama at may ganap na pagkakaisa sa kanya. Kapatid niya ang buong sangkatauhan, sapagkat siya ang pinakamatanda sa mga espiritung anak ni Elohim. Tinutukoy siya ng ilang banal na kasulatang sanggunian sa salitang *Diyos.* Halimbawa, sinasabi sa banal na kasulatan na "Nilikha ng Diyos ang langit at lupa" (Gen. 1:1), subalit iyon ay si Jesus na siyang Lumikha sa ilalim ng pamamatnubay ng Diyos Ama (Juan 1:1–3, 10, 14; Heb. 1:1–2).

Ipinakilala ng Panginoon ang kanyang sarili bilang AKO, **Ex.** 3:13–16. Ako ang Panginoon (Jehova), at liban sa akin ay walang tagapagligtas, **Is.** 43:11 (Is. 45:23). Ako ang ilaw ng sanlibutan, **Juan** 8:12. Bago si Abraham, ay Ako, **Juan** 8:58. Magmiministeryo ang Panginoon sa mga tao sa katawang-lupa, **Mos.** 3:5–10. Ipinaliwanag ni Abinadi kung paano si Cristo ang Ama at ang Anak, **Mos.** 15:1–4 (Eter 3:14). Nagpakita ang Panginoon sa kapatid ni Jared, **Eter** 3. Makinig sa mga salita ni Cristo na inyong Panginoon at inyong Diyos, **Moro.** 8:8. Si Jehova ang hukom ng mga buhay at patay, **Moro.** 10:34. Nagpakita si Jesus kina Joseph Smith at Sidney Rigdon, **D at T** 76:20, 23. Nagpakita ang Panginoong Jehova sa Templo ng Kirtland, **D at T** 110:1–4. Nangusap si Jehova kay Abraham, **Abr.** 1:16–19. Nagpakita si Jesus kay Joseph Smith, **JS—K** 1:17.

*Diyos Espiritu Santo:* Ang Espiritu Santo ay isa ring Diyos at tinatawag na Banal na Espiritu, ang Espiritu, at ang Espiritu ng Diyos, sa iba pang magkakatulad na mga pangalan at katawagan. Sa tulong ng Espiritu Santo maaaring malaman ng tao ang kalooban ng Diyos Ama at malaman na si Jesus ang Cristo (1 Cor. 12:3).

Tuturuan kayo ng Espiritu Santo kung ano ang dapat ninyong sabihin, **Lu.** 12:12. Ang Espiritu Santo ang Mang-aaliw, **Juan** 14:26 (16:7–15). Nagbigay si Jesus sa mga Apostol ng mga kautusan sa pamamagitan ng Espiritu Santo, **Gawa** 1:2. Nagpapatotoo ang Espiritu Santo sa Diyos at kay Cristo, **Gawa** 5:29–32 (1 Cor. 12:3). Ang Espiritu Santo ay isa ring patotoo sa atin, **Heb.** 10:10–17. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo malalaman ninyo ang katotohanan ng lahat ng bagay, **Moro.** 10:5. Ang Espiritu Santo ay diwa ng paghahayag, **D at T** 8:2–3 (D at T 68:4).

**DOKTRINA AT MGA TIPAN.**

*Tingnan din sa* Aklat ng mga Kautusan; Banal na Kasulatan, Mga; Kanoniko; Smith, Joseph, Jr.

Isang pinagsama-samang mga banal na paghahayag sa huling araw, at inspiradong pagpapahayag. Ibinigay ng Pa-

nginoon kay Joseph Smith ang mga ito at sa ilan sa mga humalili sa kanya para sa pagtatatag at pagsasaayos ng kaharian ng Diyos sa mundo sa mga huling araw. Ang Doktrina at mga Tipan ay isa sa mga pamantayang gawa na kasulatan sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, kasama ng Biblia, ng Aklat ni Mormon, at ng Mahalagang Perlas. Ang Doktrina at mga Tipan ay natatangi, gayunman, sapagkat hindi ito isang pagsasalin ng mga sinaunang kasulatan; ibinigay ng Panginoon ang mga paghahayag na ito sa kanyang mga piniling propeta sa makabagong panahong ito upang mapanumbalik ang kanyang kaharian. Sa mga paghahayag ay maririnig ang magiliw subalit matatag na tinig ng Panginoong Jesucristo (D at T 18:35–36).

Sinabi ng Propetang si Joseph Smith na ang Doktrina at mga Tipan ang siyang saligan ng Simbahan sa mga huling araw at sa kapakinabangan ng sanlibutan (D at T 70:pamuhatan). Ipinaaalam ng mga paghahayag na nilalaman nito ang gawain ng paghahanda ng daan para sa ikalawang pagparito ng Panginoon, bilang katuparan ng lahat ng salitang winika ng mga propeta mula pa sa simula ng daigdig.

**DOKTRINA NI CRISTO.** *Tingnan din sa* Ebanghelyo; Plano ng Pagtubos

Ang mga alituntunin at aral ng ebanghelyo ni Jesucristo.

Ang aking doktrina ay papatak na parang ulan, **Deut.** 32:2. Silang mga dumaraing ay matututo ng doktrina, **Is.** 29:24. Natigilan ang mga tao sa kanyang doktrina, **Mat.** 7:28. Ang doktrina ko ay hindi akin, kundi sa kanya na nagsugo sa akin, **Juan** 7:16. Ang lahat ng banal na kasulatan ay mapakikinabangan sa pagtuturo, **2 Tim.** 3:16. Ito ang doktrina ni Cristo, at ang tangi at tunay na doktrina ng Ama, **2 Ne.** 31:21 (2 Ne. 32:6). Hindi dapat magkaroon ng mga pagtatalu-talo sa inyo hinggil sa mga paksa ng aking doktrina, **3 Ne.** 11:28, 32, 35, 39–40. Inuudyukan ni Satanas ang mga puso ng tao na magtalutalo hinggil sa mga paksa ng aking doktrina, **D at T** 10:62–63, 67. Ituro sa mga anak ang doktrina ng pagsisisi, pananampalataya kay Cristo, pagbibinyag, at ang kaloob na Espiritu Santo, **D at T** 68:25. Ituro sa isa't isa ang doktrina ng kaharian, **D at T** 88:77–78. Ang doktrina ng pagkasaserdote ay magpapadalisay sa iyong kaluluwa, **D at T** 121:45.

**DUGO.** *Tingnan din sa* Bayad-sala, Pagbabayad-sala; Hain; Jesucristo

Ipinalalagay ng mga sinaunang Israelita at ng maraming kabihasnan ngayon bilang pinakaugat ng buhay o kinakailangang lakas ng lahat ng laman. Noong panahon ng Lumang Tipan, ipinagbawal ng Panginoon sa Israel ang pagkain ng dugo (Lev. 3:17; 7:26–27; 17:10–14).

Ang mapagbayad-salang kapangyarihan ng isang hain ay nasa dugo sapagkat ipinalalagay na kinakailangan ang dugo upang mabuhay. Ang paghahain ng hayop sa Lumang Tipan ay sagisag ng dakilang pagsasakripisyo na di maglalaon ay isasagawa ni Jesucristo (Lev. 17:11; Moi. 5:5–7). Nililinis ng mapagbayad-salang dugo ni Jesucristo ang nagsisisi sa kasalanan (1 Juan 1:7).

Ang kanyang pawis ay naging malalaking patak ng dugo, **Lu.** 22:44. Tayo ay pinabanal ng pagbubuhos ng dugo ni Cristo, **Heb.** 10:1–22. Lumabas ang dugo sa bawat butas ng balat, **Mos.** 3:7 (D at T 19:18). Ang dugo ng Panginoon ay nabuhos para sa kapatawaran ng mga kasalanan, **D at T** 27:2. Isinagawa ni Jesus ang isang ganap na pagbabayad-sala sa pamamagitan ng pagbubuhos ng kanyang dugo, **D at T** 76:69. Sa pamamagitan ng dugo kayo ay pinababanal, **Moi.** 6:60.

**EBANGHELISTA.** *Tingnan din sa* Patriyarka, Patriyarkal; Patriyarkal na Pagbabasbas, Mga

Ang isang taong nagdadala o nagpapahayag ng mabubuting balita ng ebanghelyo ni Jesucristo. Itinuro ni Joseph

Smith na ang isang ebanghelista ay isang patriyarka. Tinawag at inordenan sa ilalim ng pamamatnubay ng Labindalawang Apostol ang mga patriyarka upang magbigay ng mga natatanging pagbabasbas na tinatawag na mga patriyarkal na pagbabasbas.

Tumatawag ang Panginoon ng ilang tao upang maging mga Apostol, at ang iba mga propeta, at ang iba mga ebanghelista, **Ef.** 4:11. Gawin ang gawain ng isang ebanghelista, **2 Tim.** 4:5. Naniniwala kami sa mga Apostol, propeta, pastor, guro, ebanghelista, **S ng P** 1:6.

**EBANGHELYO.** *Tingnan din sa* Dispensasyon; Doktrina ni Cristo; Plano ng Pagtubos

Pinapangyari ang plano ng kaligtasan ng Diyos sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Jesucristo. Kabilang sa ebanghelyo ang mga katotohanang walang hanggan o mga batas, tipan, at kinakailangang ordenansa upang makabalik muli ang sangkatauhan sa kinaroroonan ng Diyos. Ibinalik ng Diyos ang kabuuan ng ebanghelyo sa mundo noong ikalabinsiyam na siglo sa pamamagitan ng Propetang si Joseph Smith.

Magsiyaon sa buong sanlibutan at ipangaral ang ebanghelyo, **Mar.** 16:15. Ang malilinaw at pinakamahahalagang bahagi ng ebanghelyo ng Kordero ay ipinagkait, **1 Ne.** 13:32. Ito ang aking ebanghelyo, **3 Ne.** 27:13–21 (D at T 39:6). Naglalaman ang Aklat ni Mormon ng kabuuan ng ebanghelyo, **D at T** 20:8–9 (D at T 42:12). Ito ang ebanghelyo, **D at T** 76:40–43. Pinangangasiwaan ng Pagkasaserdoteng Melquisedec ang ebanghelyo, **D at T** 84:19. Bawat tao ay maririnig ang kabuuan ng ebanghelyo sa kanyang sariling wika, **D at T** 90:11. Ipinangaral ng Anak ang ebanghelyo sa mga espiritu ng mga patay, **D at T** 138:18–21, 28–37. Ipinangaral ang ebanghelyo mula sa simula, **Moi.** 5:58. Inilarawan ang unang alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo, **S ng P** 1:4.

**EBANGHELYO, MGA.** *Tingnan din sa* Juan, Anak ni Zebedeo; Lucas; Marcos; Mateo

Ang apat na talaan o patotoo ng mortal na buhay ni Jesus at ang mga pangyayari hinggil sa kanyang ministeryo ay nasa unang apat na aklat ng Bagong Tipan. Isinulat nina Mateo, Marcos, Lucas, at Juan, itinala silang mga saksi sa buhay ni Cristo. Magkatulad sa maraming bagay ang aklat ng 3 Nephi sa Aklat ni Mormon sa apat na Ebanghelyong ito ng Bagong Tipan.

Orihinal na isinulat ang mga aklat ng Bagong Tipan sa wikang Griyego. Ang salitang *ebanghelyo* sa Griyego ay nangangahulugang “mabuting balita”. Ang mabuting balita ay gumawa si Jesucristo ng isang pagbabayad-sala na makatutubos sa buong sangkatauhan mula sa kamatayan at gagantimpalaan ang bawat isa alinsunod sa kanyang mga gawa (Juan 3:16; Rom. 5:10–11; 2 Ne. 9:26; Alma 34:9; D at T 76:69).

*Pagkakatugma ng mga Ebanghelyo:* Ang mga aral ng Tagapagligtas sa Mateo, Marcos, Lucas, at Juan ay maaaring ihambing sa isa’t isa at sa mga paghahayag sa huling araw sa mga sumusunod na paraan:

**PAGKAKATUGMA NG MGA EBANGHELYO**

| Pangyayari | Mateo | Marcos | Lucas | Juan | Paghahayag sa mga Huling Araw |
|---|---|---|---|---|---|
| Mga talaangkanan ni Jesus | 1:2–17 | | 3:23–38 | | |
| Ang pagsilang ni Juan Bautista | | | 1:5–25, 57–58 | | |

| **Pangyayari** | **Mateo** | **Marcos** | **Lucas** | **Juan** | **Paghahayag sa mga Huling Araw** |
|---|---|---|---|---|---|
| Ang pagsilang ni Jesus | 2:1–15 | | 2:6–7 | | 1 Ne. 11:18–20; 2 Ne. 17:14; Mos. 3:5–8; Alma 7:10; Hel. 14:5–12; 3 Ne. 1:4–22 |
| Ang mga propesiya nina Simeon at Ana | | | 2:25–39 | | |
| Ang pagdalaw sa templo (Paskua) | | | 2:41–50 | | |
| Pagsisimula ng ministeryo ni Juan | 3:1, 5–6 | 1:4 | 3:1–3 | 1:6–14 | |
| Ang pagbibinyag kay Jesus | 3:13–17 | 1:9–11 | 3:21–22 | 1:32–34 | 1 Ne. 10:7–10; 2 Ne. 31:4–21 |
| Ang mga panunukso kay Jesus | 4:1–11 | | 4:1–13 | | |
| Ang patotoo ni Juan Bautista | | | | 1:15–36 | D at T 93:6–18, 26 |
| Ang kasalan sa Cana (Unang himala ni Jesus) | | | | 2:1–11 | |
| Unang paglilinis ng templo | | | | 2:14–17 | |
| Ang pakikipag-usap kay Nicodemo | | | | 3:1–10 | |
| Ang babaing Samaritana sa balon | | | | 4:1–42 | |
| Tinanggihan si Jesus sa Nazaret | 4:13–16 | | 4:16–30 | | |

| Pangyayari | Mateo | Marcos | Lucas | Juan | Paghahayag sa mga Huling Araw |
|---|---|---|---|---|---|
| Mga mangingisdang tinawag upang maging mga mangingisda ng mga tao | 4:18–22 | 1:16–20 | | | |
| Ang kahima-himalang pagpuno sa mga lambat | | | 5:1–11 | | |
| Pagpapabangon sa anak na babae ni Jairo | 9:18–19, 23–26 | 5:21–24, 35–43 | 8:41–42, 49–56 | | |
| Pagpapagaling sa babaing inaagasan ng dugo | 9:20–22 | 5:25–34 | 8:43–48 | | |
| Ang pagtawag sa Labindalawa | 10:1–42 | 3:13–19; 6:7–13 | 6:12–16; 9:1–2; 12:2–12, 49–53 | | 1 Ne. 13:24–26, 39–41; D at T 95:4 |
| Pagpapabangon sa anak na lalaki ng balo | | | 7:11–15 | | |
| Pagpapahid ng langis sa mga paa ni Cristo | | | 7:36–50 | 12:2–8 | |
| Pagpapahinto ng bagyo | | 4:36–41 | 8:22–25 | | |
| Ang pagtawag sa Pitumpu | | | 10:1 | | D at T 107:25, 34, 93–97 |
| Pagpapalayas ng lehiyon ng diyablo patungo sa mga baboy | | 5:1–20 | | | |
| Ang Pangaral sa Bundok | 5–7 | | 6:17–49 | | 3 Ne. 12–14 |

| Pangyayari | Mateo | Marcos | Lucas | Juan | Paghahayag sa mga Huling Araw |
|---|---|---|---|---|---|
| Ang mga talinghaga ni Jesus ay maiikling kuwento na naghahambing ng isang karaniwang bagay o pangyayari sa isang katotohanan. Madalas gamitin ni Jesus ang mga ito upang ituro ang mga katotohanang espirituwal. | | | | | |
| Tagapaghasik: | 13:3–9, 18–23 | 4:3–9, 14–20 | 8:4–8, 11–15 | | |
| Mga agingay: | 13:24–30, 36–43 | | | | D at T 86:1–7 |
| Binhi ng mustasa: | 13:31–32 | 4:30–32 | 13:18–19 | | |
| Lebadura: | 13:33 | | 13:20–21 | | |
| Kayamanan sa bukid: | 13:44 | | | | |
| Mahalagang perlas: | 13:45–46 | | | | |
| Lambat ng mangingisda: | 13:47–50 | | | | |
| May-ari ng bahay: | 13:51–52 | | | | |
| Nawawalang tupa: | 18:12–14 | | 15:1–7 | | |
| Nawawalang putol ng pilak: | | | 15:8–10 | | |
| Alibughang anak: | | | 15:11–32 | | |
| Malupit na tagapagsilbi: | 18:23–35 | | | | |
| Mabuting Samaritano: | | | 10:25–37 | | |
| Hindi matwid na katiwala: | | | 16:1–8 | | |
| Si Lazaro at ang taong mayaman: | | | 16:14–15, 19–31 | | |

| Pangyayari | Mateo | Marcos | Lucas | Juan | Paghahayag sa mga Huling Araw |
|---|---|---|---|---|---|
| Hindi makatarungang hukom: | | | 18:1–8 | | |
| Mabuting Pastol: | | | 10:1–21 | | 3 Ne. 15:17–24 |
| Mga manggagawa sa ubasan: | 20:1–16 | 10:31 | | | |
| Libra: | | | 19:11–27 | | |
| Dalawang anak: | 21:28–32 | | | | |
| Masamang manggagawa: | 21:33–46 | 12:1–12 | 20:9–20 | | |
| Kasal ng anak na lalaki ng hari: | 22:1–14 | | 14:7–24 | | |
| Sampung dalaga: | 25:1–13 | | 12:35–36 | | D at T 45:56–59 |
| Talento: | 25:14–30 | | | | |
| Mga tupa, mga kambing: | 25:31–46 | | | | |
| Pagpapakain sa limang libo | 14:16–21 | 6:33–44 | 9:11–17 | 6:5–14 | |
| Naglakad si Jesus sa ibabaw ng tubig | 14:22–23 | 6:45–52 | | 6:16–21 | |
| Ang patotoo ni Pedro kay Cristo | 16:13–16 | 8:27–29 | 9:18–20 | | |
| Pinangakuan si Pedro ng mga susi ng kaharian | 16:19 | | | | |
| Pangaral na Tinapay ng Buhay | | | | 6:22–71 | |
| Pagpapagaling ng taong bulag sa Araw ng Sabbath | | | | 9:1–41 | |

| Pangyayari | Mateo | Marcos | Lucas | Juan | Paghahayag sa mga Huling Araw |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagbabagong-anyo; ipinagkaloob ang mga susi ng pagkasaserdote | 17:1–13 | 9:2–13 | 9:28–36 | | D at T 63:20–21; 110:11–13 |
| Pagbabasbas sa mga bata | 19:13–15 | 10:13–16 | 18:15–17 | | |
| Panalangin ng Panginoon | 6:5–15 | | 11:1–4 | | |
| Pinanumbalik si Lazaro | | | | 11:1– 45 | |
| Matagumpay na pagpasok | 21:6–11 | 11:7–11 | 19:35–38 | 12:12–18 | |
| Itinaboy ang mga mamamalit ng salapi sa templo | 21:12–16 | 11:15–19 | 19:45–48 | | |
| Ang lepta ng balo | | 12:41–44 | 21:1–4 | | |
| Talumpati sa Ikalawang Pagparito | 24:1–51 | 13:1–37 | 12:37–48; 17:20–37; 21:5–38 | | D at T 45:16–60; JS—M 1:1–55 |
| Pagpapagaling ng sampung ketongin | | | 17:12–14 | | |
| Huling Paskua ni Jesus; pinasimulan ang sakramento; mga tagubilin sa Labindalawa; paghuhugas sa mga paa ng mga disipulo | 26:14–32 | 14:10–27 | 22:1–20 | 13–17 | |
| Ang pagdurusa ni Jesus sa Getsemani | 26:36–46 | 14:32–42 | 22:40–46 | | 2 Ne. 9:21–22; Mos. 3:5–12; D at T 19:1–24 |
| Si Jesus ang puno ng ubas | | | | 15:1–8 | |

| Pangyayari | Mateo | Marcos | Lucas | Juan | Paghahayag sa mga Huling Araw |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagkakanulo ni Judas | 26:47–50 | 14:43–46 | 22:47–48 | 18:2–3 | |
| Paglilitis sa harapan ni Caifas | 26:57 | 14:53 | 22:54, 66–71 | 18:24, 28 | |
| Paglilitis sa harapan ni Pilato | 27:2, 11–14 | 15:1–5 | 23:1–6 | 18:28–38 | |
| Paglilitis sa harapan ni Herodes | | | 23:7–10 | | |
| Pinarusahan at hinamak si Jesus | 27:27–31 | 15:15–20 | | 19:1–12 | |
| Ang Pagpapako sa krus | 27:35–44 | 15:24–33 | 23:32–43 | 19:18–22 | Hel. 14:20–27; 3 Ne. 8:5–22; 10:9 |
| Ang Pagkabuhay na Mag-uli | 28:2–8 | 16:5–8 | 24:4–8 | | |
| Pagpapakita ni Jesus sa sa mga disipulo | | 16:14 | 24:13–32, 36–51 | 20:19–23 | |
| Pagpapakita ni Jesus kay Tomas | | | | 20:24–29 | |
| Ang Pag-akyat | | 16:19–20 | 24:50–53 | | |

**EBANGHELYO, PANUNUMBALIK NG.** *Tingnan sa* Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo

**ECLESIASTES**

Isang aklat sa Lumang Tipan na naglalaman ng mga pananaw sa ilang mga pinakamabibigat na suliranin sa buhay.

Ang may-akda ng aklat, ang mangangaral, ay isinulat ang karamihan sa aklat ang pananaw ng mga yaong walang pang-unawa sa ebanghelyo. Isinulat niya ang naaayon sa nadarama ng mga tao sa daigdig—na, nasa "ilalim ng araw" (Ec. 1:9). Karamihan sa nilalaman ng aklat ay halos negatibo at pesimista (Ec. 9:5, 10). Hindi ito ang ibig ng Panginoon na maging pananaw natin sa buhay datapwat kung paano napansin ng mangangaral ang mga bagay na tila gumugulo sa mga tao sa mundo. Nasa mga kabanata 11 at 12 ang pinaka-espirituwal na bahagi ng aklat, kung saan nagpasiya ang manunulat na ang tanging bagay na may kahalagahang walang katapusan ay pagsunod sa mga kautusan ng Diyos.

**EDEN.** *Tingnan din sa* Adan; Eva

Ang tahanan ng ating unang magulang

na sina Adan at Eva (Gen. 2:8–3:24; 4:16; 2 Ne. 2:19–25; Moi. 3, 4; Abr. 5), tinatawag na halamanan, sa dakong silangan ng Eden. Pinalayas sina Adan at Eva sa Eden matapos na kainin ang ipinagbabawal na bunga at naging mortal (Moi. 4:29). Pinagtitibay ng paghahayag sa huling araw ang biblikal na ulat ng Halamanan ng Eden. Idinagdag nito ang mahalagang kaalaman na ang halamanan ay nasa lugar na tinatawag ngayon na lupalop ng Hilagang Amerika (D at T 116; 117:8).

**EGIPTO**

Isang bansa sa pahilagang-silangang dako ng Africa. Ang malaking bahagi ng Egipto ay tigang at napabayaan. Karamihan sa mga tao ay naninirahan sa Lambak ng Nile, na 890 kilometro ang haba.

Mayaman at sagana ang sinaunang Egipto. Malalaking gawaing-bayan ang nagawa, kabilang na ang mga kanal para sa patubig; matitibay na lunsod para sa pagtatanggol; at mararangyang bantayog, lalung-lalo na ang mga piramideng katakumba at templo, na hanggang ngayon ay kabilang sa mga hinahangaan sa daigdig. Sa sumandaling panahon ang pamahalaang Egipto ay itinulad sa kaayusang patriyarkal ng pagkasaserdote (Abr. 1:21–27).

Inakay sina Abraham at Jose patungo sa Egipto upang mailigtas ang maganak nila mula sa taggutom, **Gen.** 12:10 (Gen. 37:28). Ipinagbili si Jose sa Egipto, **Gen.** 45:4–5 (1 Ne. 5:14–15). Inakay si Jacob patungong Egipto, **Gen.** 46:1–7. Pinamunuan ni Moises ang mga anak ni Israel palabas ng Egipto, **Ex.** 3:7–10; 13:14 (Heb. 11:27; 1 Ne. 17:40; Moi. 1:25–26). Ang Egipto ay sagisag ng kasamaan, **Ez.** 29:14–15 (Os. 9:3–7; Abr. 1:6, 8, 11–12, 23). Isang anghel ang nagsabi kay Jose na tumakas kasama sina Maria at Jesus patungong Egipto, **Mat.** 2:13 (Os. 11:1).

**EGIPTUS**

Ang pangalan kapwa ng asawa at anak ni Ham, na anak ni Noe. Sa Caldeo, ang pangalan ay sumasagisag sa Egipto, o yaong ipinagbabawal (Abr. 1:23–25).

**ELDER.** *Tingnan din sa* Pagkasaserdote; Pagkasaserdoteng Melquisedec

Ang katawagang *elder* ay ginagamit sa iba't ibang paraan sa Biblia. Sa Lumang Tipan, malimit na tumutukoy ito sa mga nakatatandang kalalakihan sa isang lipi, na karaniwang pinagkakatiwalaan ng mga gawain sa pamahalaan (Gen. 50:7; Jos. 20:4; Ruth 4:2; Mat. 15:2). Ang kanilang gulang at karanasan ang nagbibigay halaga sa kanilang payo. Ang kanilang katungkulan ay hindi kinakailangang isang tungkuling pagkasaserdote.

May inordenan ding mga elder sa Pagkasaserdoteng Melquisedec noong panahon ng Lumang Tipan (Ex. 24:9–11). Sa Bagong Tipan, binabanggit ang mga elder bilang isang katungkulan sa pagkasaserdote sa Simbahan (Sant. 5:14–15). May mga naordenan ding elder sa pagkasaserdote sa mga Nephita (Alma 4:7, 16; Moro. 3:1). Sa dispensasyong ito, sina Joseph Smith at Oliver Cowdery ang naordenang mga unang elder (D at T 20:2–3).

Ngayon, ang katawagang elder ang itinatawag sa lahat ng may hawak ng Pagkasaserdoteng Melquisedec. Halimbawa, ang mga kalalakihang misyonero ay tinatawag na mga elder. Gayon din, ang isang Apostol ay isang elder, at angkop lamang na tawagin ang mga kasapi ng Korum ng Labindalawa o Korum ng Pitumpu sa katawagang ito (D at T 20:38; 1 Ped. 5:1). Ibinigay ang mga tungkulin ng mga naordenang elder sa Simbahan ngayon ng paghahayag sa huling araw (D at T 20:38–45; 42:44; 46:2; 107:12).

Sinulatan ni Moises ang lahat ng elder ng Israel, **Deut.** 31:9. Nagdala ng tulong si Bernabe sa mga elder ng simbahan, **Gawa** 11:30. Nag-orden ng mga elder sa bawat simbahan, **Gawa** 14:23 (Tit. 1:5). Ipatawag ang mga elder na ipanalangin ang maysakit,

**Sant.** 5:14. Inorden ang mga elder sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, **Alma** 6:1. Ang mga elder ang magbabasbas sa mga bata, **D at T** 20:70. Ang mga elder ang mangangasiwa sa mga pagpupulong sa pamamatnubay ng Banal na Espiritu, **D at T** 46:2. Ang mga elder ay magbibigay-sulit ng kanilang pangangasiwa, **D at T** 72:5. Ang mga elder ang siyang mangangaral ng ebanghelyo sa mga bansa, **D at T** 133:8.

**ELI.** *Tingnan din sa* Samuel, Propeta sa Lumang Tipan

Isang mataas na saserdote at hukom sa Lumang Tipan noong panahong tawagin ng Panginoon na maging propeta si Samuel (1 Sam. 3). Pinagwikaan siya ng Panginoon dahil sa pagpapabaya niya sa kasamaan ng kanyang mga anak (1 Sam. 2:22–36; 3:13).

**ELIAS.** *Tingnan din sa* Elijah

May ilang gamit ang pangalan o katawagang *Elias* sa mga banal na kasulatan:

*Elijah:* Ang anyo ng pangalang Elijah (Hebreo) sa Bagong Tipan ay Elias (Griyego), tulad sa Mat. 17:3–4, Lu. 4:25–26, at Sant. 5:17. Sa ganitong mga paliwanag, si Elias ang sinaunang propetang si Elijah na ang paglilingkod na ginawa ay nakatala sa 1 at 2 Hari.

*Tagapagpauna:* Ang Elias ay isa ring katawagan sa isang tagapagpauna. Halimbawa, si Juan Bautista ay isang Elias dahil sinugo siya upang ihanda ang daan para kay Jesus (Mat. 17:12–13).

*Tagapanumbalik:* Ang katawagang Elias ay itinatawag din sa iba na may natatanging misyon na gagawin, katulad nina Juan, ang Tagahayag (D at T 77:14) at Gabriel (Lu. 1:11–20; D at T 27:6–7; 110:12).

*Ang lalaki sa dispensasyon ni Abraham:* Isang propeta na tinawag na Esaias o Elias na maliwanag na nanirahan sa panahon ni Abraham (D at T 84:11–13).

**ELIJAH.** *Tingnan din sa* Buklod, Pagbubuklod; Elias; Kaligtasan

Isang propeta sa Lumang Tipan na bumalik sa mga huling araw upang igawad ang mga susi ng kapangyarihan ng pagbubuklod kina Joseph Smith at Oliver Cowdery. Sa kanyang panahon, si Elijah ay naglingkod sa Hilagang Kaharian ng Israel (1 Hari 17–2 Hari 2). Siya ay may malaking pananampalataya sa Panginoon at kilala sa paggawa ng maraming himala. Pinigil niya ang ulan ng tatlo at kalahating taon. Ibinangon niya ang isang batang lalaki mula sa patay at pinababa ang apoy mula sa langit (1 Hari 17–18). Hinihintay pa rin ng mga taong Judio ang pagbabalik ni Elijah, katulad ng ipinopropesiya ni Malakias na siya ay magbabalik (Mal. 4:5). Nananatili siyang isang panauhing inaanyayahan sa mga pista ng paskua ng Judio, kung saan isang pintong bukas at isang bakanteng upuan ang laging naghihintay sa kanya.

Sinabi ng Propetang si Joseph Smith na si Elijah ang may hawak ng kapangyarihan ng pagbubuklod ng Pagkasaserdoteng Melquisedec at siyang huling propeta na may hawak nito bago dumating ang panahon ni Jesucristo. Siya ay nagpakita sa Bundok ng Pagbabagonganyo kasama si Moises at iginawad ang mga susi ng pagkasaserdote kina Pedro, Santiago, at Juan (Mat. 17:3). Muli siyang nagpakita, kasama si Moises at ang iba pa, noong 3 Abril 1836, sa Templo ng Kirtland Ohio at iginawad ang yaong ding mga susi kina Joseph Smith at Oliver Cowdery (D at T 110:13–16). Ang lahat ng ito ay paghahanda para sa ikalawang pagparito ng Panginoon, katulad ng nabanggit sa Mal. 4:5–6.

Ang kapangyarihan ni Elijah ay kapangyarihan ng pagbubuklod ng pagkasaserdote kung saan ang mga bagay na tinalian o kinalagan sa lupa ay tatalian o kakalagan din sa langit (D at T 128:8–18). Ang mga piniling tagapaglingkod ng Panginoon sa lupa ngayon ay may ganitong kapangyarihan ng pagbubuklod at isinasagawa ang makapagliligtas na ordenansa ng ebanghel-

yo para sa mga buhay at patay (D at T 128:8).

Ipininid ang kalangitan at pinakain ng mga uwak, **1 Hari** 17:1–7. Inutusan ang gusi ng harina at banga ng langis ng balo na huwag maubusan, **1 Hari** 17:8–16. Ibinangon ang anak na lalaki ng balo mula sa patay, **1 Hari** 17:17–24. Dinaig ang mga saserdote ni Baal, **1 Hari** 18:21–39. Isang marahang tinig ang nangusap sa kanya, **1 Hari** 19:1–12. Umakyat sa langit sa isang karo ng apoy, **2 Hari** 2:11. Nagpropesiya si Malakias sa kanyang pagbabalik sa mga huling araw, **Mal.** 4:5–6 (3 Ne. 25:5). Nagpakita sa Templo ng Kirtland Ohio noong 1836, **D at T** 110:13–16.

**ELISABET.** *Tingnan din sa* Juan Bautista

Sa Bagong Tipan, ang asawa ni Zacarias, ang ina ni Juan Bautista, at isang kamag-anak na babae ni Maria (Lu. 1:5–60).

**ELISEO**

Isang propeta sa Lumang Tipan ng Hilagang Kaharian ng Israel at isang maaasahang tagapayo ng ilang hari ng bansang yaon.

May mahinahon at magiliw na ugali si Eliseo, wala ang gayong maalab na pagsusumigasig, kung saan kilala ang kanyang panginoong si Elijah. Ang kanyang mga tanyag na himala (2 Hari 2–5; 8) ay nagpapatotoo na tunay niyang natanggap ang kapangyarihan ni Elijah nang humalili siya kay Elijah bilang propeta (2 Hari 2:9–12). Halimbawa, pinabuti niya ang mga tubig ng isang mapait na bukal, hinati ang mga tubig ng Ilog Jordan, pinarami ang langis ng balo, pinabangon ang isang batang lalaki mula sa patay, pinagaling ang isang lalaking ketongin, pinapangyaring lumutang ang isang bakal na palakol, at niligalig ang mga taga- Siria ng pagkabulag (2 Hari 2–6). Tumagal ang kanyang paglilingkod nang higit sa 50 taon sa panahon ng mga paghahari nina Joram, Jehu, Jehoahaz, at Joas.

Tinanggap ang balabal ni Elijah, **2 Hari** 2:13. Pinarami ang langis ng balo, **2 Hari** 4:1–7. Ibinangon ang anak na lalaki ng babaing Sunamita mula sa pagkamatay, **2 Hari** 4:18–37. Pinagaling si Naaman, ang taga-Siria, **2 Hari** 5:1–14. Binulag ang mga sundalong taga-Siria, at ang mga mata ng kanyang tagapaglingkod ay nabuksan, **2 Hari** 6:8–23.

**ELOHIM.** *Tingnan sa* Ama sa Langit; Diyos, Panguluhang Diyos

**EMMANUEL.** *Tingnan din sa* Jesucristo

Isa sa mga pangalan ni Jesucristo. Ito ay nanggaling sa mga salitang Hebreo na nangangahulugang "Nasa amin ang Diyos".

Ang Immanuel ay isang pangalan-katawagang ibinigay bilang isang tanda ng pagliligtas ng Diyos (Is. 7:14). Ang pagtukoy ni Isaias kay Immanuel ay tiyakang kinilala ni Mateo bilang propesiya ng pagsilang ni Jesus sa buhay na ito (Mat. 1:18–25). Lumalabas din ang pangalan sa banal na kasulatan ng huling araw (2 Ne. 17:14; 18:8; D at T 128:22).

**ENDOWMENT.** *Tingnan din sa* Templo, Bahay ng Panginoon

Sa pangkalahatan, isang kaloob na kapangyarihan mula sa Diyos. Ang mga karapat-dapat na kasapi ng Simbahan ay maaaring makatanggap ng isang kaloob na kapangyarihan sa pamamagitan ng mga ordenansa sa templo na magbibigay sa kanila ng tagubilin at mga tipan ng Banal na Pagkasaserdote na kanilang kailangan upang matamo ang kadakilaan. Kasamang itinuturo sa endowment ang tungkol sa plano ng kaligtasan.

Doon kayo ay gagawaran ng kapangyarihan mula sa itaas, **D at T** 38:32, 38 (Lu. 24:49; D at T 43:16). Magtayo ng isang bahay, kung saang bahay ako ay nagbabalak na magkaloob sa aking mga pinili, **D at T** 95:8. Naghanda ako ng isang dakilang endowment at biyaya, **D at T** 105:12, 18, 33. Magagalak ang marami dahil sa endowment kung saan ang

aking mga tagapaglingkod ay pinagkalooban sa bahay na ito, **D at T** 110:9. Inorden ang kaluwalhatian, karangalan, at endowment sa pamamagitan ng ordenansa sa aking banal na bahay, **D at T** 124:39. Ipinagkaloob ang mga susi ng pagkasaserdote sa mga yaong tinawag ng Ama, gaya ni Aaron, **D at T** 132:59.

**ENOC.** *Tingnan din sa* Sion

Isang propetang namuno sa mga tao ng lunsod ng Sion. Kapwa tinalakay sa Lumang Tipan at sa Mahalagang Perlas ang kanyang paglilingkod. Siya ang ikapitong patriyarka pagkatapos ni Adan. Siya ay anak ni Jared at ang ama ni Matusalem (Gen. 5:18–24; Lu. 3:37).

Si Enoc ay isang taong dakila at marami pang mahahalagang paglilingkod ang nagawa kaysa sa maikling ulat ng Biblia hinggil sa kanya. Nakatala sa Biblia na siya ay nagbagong-kalagayan (Heb. 11:5) subalit hindi nagbigay ng mga detalye sa kanyang paglilingkod. Naglalaman ang Judas 1:14 ng isang sipi ng isang propesiyang kanyang ginawa. Higit pang ipinaliliwanag ng paghahayag sa huling araw ang tungkol kay Enoc, lalung-lalo na ang tungkol sa kanyang pangangaral, ang kanyang lunsod na tinawag na Sion, ang kanyang mga pangitain, at ang kanyang mga propesiya (D at T 107:48–57; Moi. 6–7). Dinala sa langit ang Sion dahil sa kabutihan ng mga yaong naninirahan dito (Moi. 7:69).

Ipinakita ng Diyos ang kanyang sarili kay Enoc, **Moi.** 6:26–37. Itinuro ni Enoc ang ebanghelyo, **Moi.** 6:37–68. Tinuruan ni Enoc ang mga tao at nagtatag ng Sion, **Moi.** 7:1–21. Nakita ni Enoc ang darating na mga panahon kabilang ang ikalawang pagparito ni Cristo, **Moi.** 7:23–68.

**ENOS, ANAK NI JACOB**

Isang propetang Nephita at tagapag-ingat ng talaan sa Aklat ni Mormon na nanalangin at nakatanggap ng kapatawaran ng kanyang mga kasalanan sa pamamagitan ng kanyang pananampalataya kay Cristo (Enos 1:1–8). Nakipagtipan ang Panginoon kay Enos na makararating ang Aklat ni Mormon sa mga Lamanita (Enos 1:15–17).

*Ang aklat ni Enos:* Isang aklat sa Aklat ni Mormon na nagsasaad ng panalangin ni Enos sa Panginoon para sa pansariling kapatawaran, para sa kanyang mga tao, at sa iba pa. Nangako ang Panginoon sa kanya na ang Aklat ni Mormon ay iingatan at makakamtan ng mga Lamanita sa darating na panahon. Bagaman ang aklat ay naglalaman lamang ng isang kabanata, ito ay nagtatala ng makapangyarihang kuwento ng isang taong hinanap ang kanyang Diyos sa panalangin, nabuhay nang masunurin sa mga utos ng Diyos, at nagalak bago siya mamatay sa kanyang kaalaman sa Manunubos.

**EPHRAIM.** *Tingnan din sa* Aklat ni Mormon; Israel; Jose, Anak ni Jacob; Manases

Sa Lumang Tipan, ang pangalawang anak nina Jose at Asenath (Gen. 41:50–52; 46:20). Salungat sa pamamaraang kinaugalian, natanggap ni Ephraim ang pagkapanganay sa halip na si Manases, na siyang nakatatandang anak (Gen. 48:17–20). Naging ama si Ephraim ng lipi ni Ephraim.

*Ang lipi ni Ephraim:* Ibinigay kay Ephraim ang pagkapanganay sa Israel (1 Cron. 5:1–2; Jer. 31:9). Sa mga huling araw ang kanilang pribilehiyo at tungkulin ay humawak ng pagkasaserdote, ihayag ang mensahe ng panumbalik na ebanghelyo sa daigdig, at magtaas ng isang sagisag upang tipunin ang nakalat na Israel (Is. 11:12–13; 2 Ne. 21:12–13). Puputungan ng kaluwalhatian ng mga anak ni Ephraim ang mga yaong bansang nasa hilaga na magbabalik sa mga huling araw (D at T 133:26–34).

*Ang talaan ni Ephraim o Jose:* Isang talaan ng isang pangkat ng lipi ni Ephraim na inakay mula sa Jerusalem patungo sa Amerika noong 600 B.C. Ang talaan ng pangkat na ito ay tinawag na talaan ni Ephraim o Jose, o ang Aklat

ni Mormon. Bumuo ito at ang talaan ni Juda (ang Biblia) ng isang pinag-isang patotoo sa Panginoong Jesucristo, sa kanyang pagkabuhay na mag-uli, at sa kanyang banal na gawain sa dalawang sangay na ito ng sambahayan ni Israel.

Isang sanga ni Ephraim ang mababali at magsusulat ng isa pang tipan ni Cristo, **PJS**, **Gen.** 50:24–26, 30–31. Magiging isa ang talaan ni Juda at ang talaan ni Jose, **Ez.** 37:15–19. Lalagong magkasama ang mga sinulat ni Juda at ni Jose, **2 Ne.** 3:12. Nangungusap ang Panginoon sa maraming bansa, **2 Ne.** 29. Ipinagkaloob ang mga susi ng talaan ng talaan ni Ephraim kay Moroni, **D at T** 27:5.

**ESAIAS**

Ang Bagong Tipang (Griyego) anyo ng pangalang Isaias (Lu. 4:17). Si Esaias ay isa ring propetang nabuhay sa kapanahunan ni Abraham (D at T 76:100; 84:11).

**ESAU.** *Tingnan din sa* Isaac; Jacob, Anak ni Isaac

Sa Lumang Tipan, nakatatandang anak nina Isaac at Rebeca at kakambal na kapatid ni Jacob. Nagpapaligsahan ang dalawang magkapatid mula sa kanilang pagkasilang (Gen. 25:19–26). Naging mga magkalabang bansa ang mga Edomitang inapo ni Esau at ang mga Israelitang inapo ni Jacob (Gen. 25:23).

Ipinagbili ni Esau ang kanyang pagkapanganay kay Jacob, **Gen.** 25:33 (Heb. 12:16–17). Nagpakasal si Esau sa mga Heteo na naging sanhi ng kalungkutan ng kanyang mga magulang, **Gen.** 26:34–35. Nagkasundo sina Jacob at Esau, **Gen.** 33.

**ESCRIBA**

Ginagamit ng mga Luma at Bagong Tipan ang salitang ito nang may bahagyang pagkakaiba: (1) Sa Lumang Tipan, ang pangunahing tungkulin ng isang escriba ay sipiin ang mga banal na kasulatan (Jer. 8:8). (2) Madalas banggitin sa Bagong Tipan ang mga escriba at kung minsan ay tinatawag na mga manananngol o doktor ng batas. Isa-isa nilang pinaunlad ang batas at ginagamit ito sa mga pangyayari ng kanilang panahon (Mat. 13:52; Mar. 2:16–17; 11:17–18; Lu. 11:44–53; 20:46–47).

**ESPIRITU.** *Tingnan din sa* Kaluluwa; Kamatayan, Pisikal na; Pagkabuhay na Mag-uli; Tao, Mga Tao

Yaong bahagi ng buhay na nilalang na nabuhay na bago pa man isilang, na nananahan sa katawang pisikal sa buhay na ito, at mananatili pagkaraan ng kamatayan bilang nahihiwalay na nilalang hanggang sa pagkabuhay na mag-uli. Lahat ng may buhay—sangkatauhan, mga hayop, at halaman—ay mga espiritu bago pa nagkaroon ng anumang bagay na may buhay sa ibabaw ng lupa (Gen. 2:4–5; Moi. 3:4–7). Ang espiritung katawan ay kawangis ng katawang pisikal (1 Ne. 11:11; Eter 3:15–16; D at T 77:2; D at T 129). Ang espiritu ay bagay, subalit ito'y mas pino o dalisay kaysa elemento ng tao o bagay (D at T 131:7).

Ang bawat tao ay ganap na anak na lalaki't babae ng Diyos, bilang mga espiritung isinilang sa mga Magulang sa Langit bago isilang sa mga magulang na may kamatayan sa lupa (Heb. 12:9). Ang bawat tao sa lupa ay may katawang espiritu na walang kamatayan bukod sa katawan na may laman at buto. Tulad ng minsang ipinaliwanag sa banal na kasulatan, ang magkasamang espiritu at katawan ang bumubuo ng kaluluwang may buhay (Gen. 2:7; D at T 88:15; Moi. 3:7, 9, 19; Abr. 5:7). Maaaring mabuhay ang espiritu nang walang katawan, subalit ang katawan ay hindi maaaring mabuhay kung walang espiritu (Sant. 2:26). Ang paghihiwalay ng espiritu mula sa katawan ay pisikal na kamatayan. Sa pagkabuhay na mag-uli, ang espiritu ay sasamang muli sa dati ring katawang pisikal na may laman at buto na inangkin nito bilang isang mortal, na may dalawang pangunahing kaibahan: hindi na sila muling maghihiwalay kailanman, at ang katawang pisikal ay magiging walang kamatayan at magiging ganap (Alma 11:45; D at T 138:16–17).

Ang isang espiritu'y walang laman at mga buto, na gaya ng inyong nakikita na nasa akin, **Lu.** 24:39. Ang Espiritu rin ang nagpapatotoo kasama ng ating espiritu, na tayo'y mga anak ng Diyos, **Rom.** 8:16. Luwalhatiin nga ninyo ng inyong katawan, at ng inyong espiritu ang Diyos, **1 Cor.** 6:20. Ang katawang ito ang katawan ng aking espiritu, **Eter** 3:16. Ang tao ay espiritu, **D at T** 93:33. Naglingkod si Cristo sa mabubuting espiritu sa paraiso, **D at T** 138:28–30 (1 Ped. 3:18–19). Kayo ay isinilang sa daigdig sa pamamagitan ng tubig, at dugo, at ng espiritu, **Moi.** 6:59. Tumayo siya kasama yaong mga espiritu, **Abr.** 3:23.

*Masasamang espiritu:* Maraming diyablo ang itinaboy ni Jesus, **Mar.** 1:27, 34, 39. Lumabas ka sa taong ito, ikaw na karumal-dumal na espiritu, **Mar.** 5:2–13. Ang masamang espiritu ay hindi nagtuturo sa tao na manalangin, **2 Ne.** 32:8. Sa pangalan ni Jesus siya ay nagpapalayas ng mga diyablo at masasamang espiritu, **3 Ne.** 7:19. Maraming mapanlinlang na espiritu ang humayo sa panlilinlang sa sanlibutan, **D at T** 50:2, 31–32. Ipinaliwanag ni Joseph Smith ang tatlong susi sa pagkilala kung ang isang espiritu ay sa Diyos o sa diyablo, **D at T** 129.

**ESPIRITU, BANAL NA.** *Tingnan sa* Espiritu Santo

**ESPIRITU SANTO.** *Tingnan din sa* Banal na Espiritu ng Pangako; Diyos, Panguluhang Diyos; Inspirasyon; Kalapati, Tanda ng; Kaloob na Espiritu Santo; Mang-aaliw; Pagbibinyag, Binyagan; Paghahayag; Walang Kapatawarang Kasalanan

Ang ikatlong kasapi ng Panguluhang Diyos (1 Juan 5:7; D at T 20:28). Siya ay isang katauhang Espiritu, walang katawang laman at mga buto (D at T 130:22). Madalas tukuyin ang Espiritu Santo bilang Espiritu, o ang Espiritu ng Diyos.

Gumaganap ng ilang mahahalagang tungkulin ang Espiritu Santo sa plano ng kaligtasan. (1) Nagpapatotoo siya sa Ama at sa Anak (1 Cor. 12:3; 3 Ne. 28:11; Eter 12:41). (2) Ipinahahayag niya ang katotohanan ng lahat ng bagay (Juan 14:26; 16:13; Moro. 10:5; D at T 39:6). (3) Pinababanal niya ang mga yaong nagsisi at nabinyagan (Juan 3:5; 3 Ne. 27:20; Moi. 6:64–68). Siya ang Banal na Espiritu ng Pangako (D at T 76:50–53; 132:7, 18–19, 26).

Maaaring dumating ang kapangyarihan ng Espiritu Santo sa tao bago ang pagbibinyag, at sumasaksi na ang ebanghelyo ay totoo. Subalit ang karapatang magkaroon ng palagiang pagsama ng Espiritu Santo, kapag ang isa ay karapat-dapat, ay isang handog na maaari lamang matanggap sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay ng may hawak ng Pagkasaserdoteng Melquisedec pagkatapos ng pinagtibay na pagbibinyag sa totoong Simbahan ni Jesucristo.

Itinuro ni Jesus na maaaring patawarin ang lahat ng kasalanan maliban sa paglapastangan sa Espiritu Santo (Mat. 12:31–32; Mar. 3:28–29; Lu. 12:10; Heb. 6:4–8; D at T 76:34–35).

Pinalakad ng Espiritu ang mga tao sa mga batas ng Diyos, **Ez.** 36:27. Binigyan ng kapangyarihan ang mga apostol na magbinyag sa pangalan ng Ama, Anak, at ng Espiritu Santo, **Mat.** 28:19. Ituturo ng Espiritu Santo sa inyo ang lahat ng bagay, **Juan** 14:26. Nagsasalita ang mga taong banal habang binubunsuran sila ng Espiritu Santo, **2 Ped.** 1:21. Inakay si Nephi ng Espiritu, **1 Ne.** 4:6. Ang mga hiwaga ng Diyos ay isisiwalat sa kanila sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, **1 Ne.** 10:17–19. Ipakikita ng Espiritu Santo ang lahat ng bagay na dapat ninyong gawin, **2 Ne.** 32:5. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo malalaman ninyo ang katotohanan ng lahat ng bagay, **Moro.** 10:5. Sasabihin sa iyo ng Espiritu Santo sa iyong isipan at sa iyong puso, **D at T** 8:2. Umaakay ang Espiritu sa paggawa ng mabuti, **D at T** 11:12. Ang Espiritu Santo ang nakaaalam ng lahat ng bagay, **D at T** 35:19. Itinuturo ng Espiritu Santo ang mga mapayapang

bagay ng kaharian, **D at T** 36:2 (D at T 39:6). Kung hindi ninyo natanggap ang Espiritu, kayo ay hindi magtuturo, **D at T** 42:14. Nagpapatotoo ang Espiritu Santo sa Ama at sa Anak, **D at T** 42:17 (1 Cor. 12:3; 3 Ne. 11:32, 35–36). Sa iba ito ibinigay sa pamamagitan ng Espiritu Santo upang malaman na si Jesucristo ang Anak ng Diyos, **D at T** 46:13. Anuman ang kanilang sasabihin kapag pinakikilos ng Espiritu Santo ay magiging banal na kasulatan, **D at T** 68:4. Ang Espiritu Santo ay ibubuhos sa pagpapatotoo sa lahat ng bagay na inyong sasabihin, **D at T** 100:8. Magiging iyong kasama sa tuwina ang Espiritu Santo, **D at T** 121:45–46.

**ESPIRITUNG PAGLIKHA.**
*Tingnan din sa* Likha, Paglikha; Tao, Mga Tao

Nilikha ng Panginoon ang lahat ng bagay na espirituwal bago niya nilikha sila na pisikal (Moi. 3:5).

Ginawa ng Panginoon ang bawat pananim bago pa ito mapasalupa, **Gen.** 2:4–6 (Abr. 5:5). Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng aking Espiritu nilikha ko ang lahat ng bagay—una ay espirituwal, pangalawa ay temporal, **D at T** 29:31–32. Na siyang temporal sa anyo ng yaong espirituwal, **D at T** 77:2. Ako ang lumikha ng daigdig at ng mga tao bago pa sila napasalaman, **Moi.** 6:51.

**ESTEBAN**

Isang martir si Esteban alang-alang sa Tagapagligtas at sa kanyang Simbahan noong panahon ng Bagong Tipan. Nagbabala ang kanyang pangangaral at marahil ay nakahikayat sa dakilang gawain ni Pablo, na naroroon nang ipinagtanggol ni Esteban ang kanyang sarili sa harapan ng Sanedrin (Gawa 8:1; 22:20).

Si Esteban ang isa sa pitong kalalakihang hinirang upang tumulong sa Labindalawang Apostol, **Gawa** 6:1–8. Gumawa si Esteban ng mga dakilang kababalaghan at himala, **Gawa** 6:8. Nakipagtalo si Esteban sa mga Judio, **Gawa** 6:9–10. Ang mga paratang ay iniharap laban sa kanya at nilitis siya sa harapan ng Sanedrin, **Gawa** 6:11–15. Inilahad ni Esteban ang kanyang katwiran, **Gawa** 7:2–53. Palibhasa'y puspos ng Espiritu Santo, nakita niya ang Ama at Anak sa pangitain, **Gawa** 7:55–56. Pinatay si Esteban na martir dahil sa kanyang patotoo, **Gawa** 7:54–60.

**ESTHER**

Isang babaing may malaking pananampalataya at ang pangunahing tauhan sa aklat ni Esther.

*Ang aklat ni Esther:* Isang aklat sa Lumang Tipan na naglalaman ng kuwento ng katatagan ng loob ni Reyna Esther sa pagliligtas sa kanyang mga tao mula sa pagkalipol.

Nasasaad sa mga kabanata 1–2 kung paanong si Esther, isang babaing Judio at kupkop na anak ng isang lalaking Judio na nagngangalang Mardocheo, ay napiling reyna ng Persia dahil sa kanyang kagandahan. Ipinaliliwanag sa kabanata 3 na si Aman, punong tauhan sa hukuman ng hari, ay napoot kay Mardocheo at natamo ang pagpapatupad ng isang batas na patayin ang lahat ng taong Judio. Nasasaad sa mga kabanata 4–10 kung paanong si Esther, sa sarili niyang malaking kapahamakan, ay nagbunyag ng kanyang sariling nasyonalidad sa hari at natamo ang isang pagsaliwa sa batas na ipinatupad.

**ETER.** *Tingnan din sa* Jaredita, Mga

Ang huling propetang Jaredita sa Aklat ni Mormon (Eter 12:1–2).

*Ang aklat ni Eter:* Isang aklat sa Aklat ni Mormon na naglalaman ng mga bahagi ng talaan ng mga Jaredita. Ang mga Jaredita ay isang pangkat ng mga tao na nanirahan sa kanlurang bahagi ng mundo maraming daang taon bago dumating ang mga tao ni Lehi. Kinuha ang aklat ni Eter mula sa dalawampu't apat na laminang natagpuan ng mga tao ni Limhi (Mos. 8:8–9).

Nasasaad sa mga kabanata 1–2 kung paano iniwan ng mga Jaredita ang kanilang tahanan sa panahon ng Tore ng Babel at nagsimula sa kanilang pagla-

lakbay na sa ngayon ay kilala bilang lupalop ng Amerika. Ipinaliliwanag sa mga kabanata 3–6 na nakita ng kapatid ni Jared ang Tagapagligtas na nasa kalagayang hindi pa mortal at naglakbay ang mga Jaredita sa walong gabara. Ipinagpapatuloy sa mga kabanata 7–11 ang kasaysayan ng kasamaang labis na nangibabaw sa kasaysayan ng Jaredita. Si Moroni, na siyang nagsaayos ng talaan ni Eter, ay sumulat sa mga kabanata 12–13 ng mga kamangha-manghang pangyayaring nagagawa ng pananampalataya at ng tungkol kay Cristo at sa isang Bagong Jerusalem na darating. Nasasaad sa mga kabanata 14–15 kung paano naging isang malakas na bansa ang mga Jaredita subalit nalipol ng digmaang sibil dahil sa kasamaan.

**EVA.** *Tingnan din sa* Adan; Eden; Pagkahulog nina Adan at Eva

Ang unang babaing nanirahan sa mundong ito (Gen. 2:21–25; 3:20). Siya ay asawa ni Adan. Sa Hebreo, ang pangalan ay nangangahulugang "buhay" at tumutukoy na si Eva ang unang ina sa mundo (Moi. 4:26). Siya at si Adan, ang unang tao, ay magkabahagi sa walang hanggang kaluwalhatian dahil sa kanilang ginampanan na nagbigay-daan sa walang hanggang pag-unlad ng buong sangkatauhan.

Natukso si Eva at kumain ng ipinagbabawal na bungang-kahoy, **Gen.** 3 (2 Ne. 2:15–20; Moi. 4). Nalaman ni Eva ang kahalagahan ng Pagkahulog at ang kagalakan ng pagtubos, **Moi.** 5:11–12. Nakita ni Pangulong Joseph F. Smith si Eva sa kanyang pangitain ng daigdig ng mga espiritu, **D at T** 138:39.

**EXODO.** *Tingnan din sa* Pentateuch

Isang aklat na isinulat ni Moises sa Lumang Tipan na naglalarawan ng paglisan ng mga Israelita mula sa Egipto. Ang unang kasaysayan ng Israel sa pagkakatala sa Exodo ay maaaring hatiin sa tatlong bahagi: (1) ang pagkaalipin ng mga tao sa Egipto, (2) ang kanilang paglisan sa Egipto sa ilalim ng pamumuno ni Moises, at (3) ang kanilang katapatan sa paglilingkod sa Diyos sa kanilang pangrelihiyong pamumuhay at sa kanilang pampulitikong pamumuhay.

Ipinaliliwanag sa unang bahagi, mga kabanata 1–15, ang kaapihan ng Israel sa Egipto; ang naunang kasaysayan at pagtawag kay Moises; ang Exodo at ang pagsisimula ng Paskua; at ang paglalakbay sa Dagat na Pula, ang pagkalipol ng hukbo ni Faraon, at ang awit ng tagumpay ni Moises.

Nasasaad sa ikalawang bahagi, mga kabanata 15–18, ang pagtubos sa Israel at ang mga pangyayari sa paglalakbay mula sa Dagat na Pula patungo sa Sinai; ang mapait na mga tubig ng Mara, ang pagbibigay ng mga pugo at manna, ang pagsunod sa araw ng Sabbath, ang kahima-himalang handog ng tubig sa Rephidim, at ang pakikidigma roon sa mga Amalacita; ang pagdating ni Jethro sa kuta at ang kanyang payo hinggil sa pamahalaang sibil ng mga tao.

Ang ikatlong bahagi, mga kabanata 19–40, ay may kaugnayan sa paglalaan ng Israel sa paglilingkod sa Diyos sa mga dakilang pangyayari sa Sinai. Itinalaga ng Panginoon ang mga tao bilang isang kaharian ng mga saserdote at isang bansang banal; ibinigay niya ang Sampung Kautusan; at nagbigay siya ng tagubilin hinggil sa tabernakulo, sa kasangkapan nito, at pagsamba roon. Pagkatapos sumusunod ang ulat ng pagkakasala ng mga tao sa pagsamba sa isang guyang ginto, at sa huli ang ulat ng pagtatayo ng tabernakulo at paghahanda para sa mga paggamit nito.

**EZECHIAS**

Isang mabuting hari ng bansang Juda sa Lumang Tipan. Namahala siya ng dalawampu't siyam na taon, sa panahong si Isaias ang propeta sa Juda (2 Hari 18–20; 2 Cron. 29–32; Is. 36–39). Tinulungan siya ni Isaias sa pagpapabuti kapwa ng simbahan at estado. Pinigil niya ang pagsamba sa diyus-diyusan at ibinalik muli ang mga gawain sa templo. Ang buhay ni Ezechias ay pinahaba ng labin-

limang taon ng pananalangin at pananampalataya (2 Hari 20:1–7). Matagumpay ang unang bahagi ng kanyang paghahari subalit ang kanyang paghihimagsik laban sa hari ng Asiria (2 Hari 18:7) ay nagbunga ng dalawang paglusob ng Asiria: inilarawan ang una sa Isaias 10:24–32, ang pangalawa sa 2 Hari 18:13–19:7. Sa ikalawang paglusob, iniligtas ang Jerusalem ng isang anghel ng Panginoon (2 Hari 19:35).

**EZEKIEL**

Isang propetang sumulat ng aklat ni Ezekiel sa Lumang Tipan. Isa siyang saserdote sa mag-anak ni Zadok at isa sa mga Judio na dinalang bihag ni Nabucodonosor. Nanirahan siyang kasama ang mga itinapong Judio sa Babilonia at nagpropesiya sa loob ng dalawampu't dalawang taon, mula 592 hanggang 570 B.C.

*Ang aklat ni Ezekiel:* Maaaring hatiin ang aklat ni Ezekiel sa apat na bahagi. Nasasaad sa mga kabanata 1–3 ang tungkol sa isang pangitain sa Diyos at ang pagtawag kay Ezekiel upang maglingkod; sa mga kabanata 4–24, binanggit ang mga hatol sa Jerusalem at bakit ibinigay ang mga ito; ipinahahayag sa mga kabanata 25–32 ang mga kahatulan sa mga bansa; at itinala sa mga kabanata 33–48 ang mga pangitain sa Israel sa huling araw.

**EZRA**

Isang saserdote sa Lumang Tipan at escriba na nagdala sa ilang mga Judio pabalik sa Jerusalem mula sa pagkabihag ng Babilonia (Ezra 7–10; Neh. 8, 12). Noong 458 B.C., natamo niya ang pahintulot mula kay Artajerjes, hari ng Persia, na dalhin sa Jerusalem ang sinumang itinapong Judio na nagnanais na sumama (Ezra 7:12–26).

Bago ang panahon ni Ezra, ang mga saserdote ay may halos ganap na kapangyarihan sa pagbabasa ng mga tinipong banal na kasulatan na isinulat na tinatawag na "batas." Tumulong si Ezra na magamit ng bawat Judio ang mga banal na kasulatan. Ang hayagang pagbabasa ng "ang aklat ng batas" sa malaon ay naging tampulan ng pambansang pamumuhay ng mga Judio. Marahil ang pinakadakilang turo ni Ezra ay nanggaling mula sa kanyang sariling halimbawa ng paghahanda ng kanyang puso upang hanapin ang batas ng Panginoon, ang sundin ito, at ang ituro ito sa iba (Ezra 7:10).

*Ang aklat ni Ezra:* Inilalarawan sa mga kabanata 1–6 ang mga pangyayaring naganap mula animnapu hanggang walumpung taon bago dumating si Ezra sa Jerusalem—ang batas ni Ciro noong 537 B.C. at ang pagbabalik ng mga Judio sa pamumuno ni Zorobabel. Ipinakikita sa mga kabanata 7–10 kung paano nagtungo si Ezra sa Jerusalem. Siya, kasama ang kanyang pangkat ay nag-ayuno at nanalangin para sa kaligtasan. Sa Jerusalem, natuklasan nila ang maraming taong Judio na mas naunang nagtungo sa Jerusalem sa ilalim ng pamumuno ni Zorobabel at nagpakasal sa mga babaing nasa labas ng tipan at sa gayon dinungisan ang kanilang sarili. Nanalangin si Ezra para sa kanila at ipinailalim sila sa tipan na hiwalayan ang mga asawang yaon. Matatagpuan sa aklat ni Nehemias ang huling kasaysayan ni Ezra.

**FARAON.** *Tingnan din sa* Egipto; Egiptus

Ang pinakamatandang anak na lalaki ni Egiptus na anak na babae ni Ham (Abr. 1:25). Ito rin ang pangalang ibinigay sa mga hari ng Egipto (Abr. 1:27).

**FARISEO, MGA.** *Tingnan din sa* Judio, Mga

Sa Bagong Tipan, isang pangkat pangrelihiyon sa mga Judio na ang pangalan ay nagpapahiwatig na nakahiwalay. Ipinagmamalaki ng mga Fariseo na mahigpit nilang sinusunod ang mga batas ni Moises at ang pag-iwas ng anumang bagay na may kinalaman sa mga Gentil. Naniniwala sila sa buhay pagkatapos ng kamatayan, sa pagkabuhay na mag-uli, at sa pagkakaroon ng mga anghel at espiritu. Naniniwala sila na

ang mga binabanggit na batas at tradisyon ay kasing halaga ng mga nasusulat na batas. Pinaliit ng kanilang mga turo ang relihiyon sa pagsunod ng mga pamantayan at nanghimok ng espirituwal na kapalaluan. Marami silang pinagalinlangang Judio hinggil kay Cristo at sa kanyang ebanghelyo. Ang Panginoon ay nangusap laban sa mga Fariseo at sa kanilang mga gawain sa Mateo 23; Marcos 7:1–23; at Lucas 11:37–44.

**FAYETTE, NEW YORK (USA)**

Ang kinalalagyan ng bukid na pag-aari ni Peter Whitmer, Sr., kung saan ibinigay ang maraming paghahayag sa Propetang si Joseph Smith, Jr. Dito itinatag ang Simbahan noong 6 Abril 1830 at narinig ang tinig ng Panginoon (D at T 128:20).

**FELIPE**

Sa Bagong Tipan, si Felipe ng Betsaida ay isa sa mga orihinal na Labindalawang Apostol ng Tagapagligtas (Mat. 10:2–4; Juan 1:43–45).

Ang isa pang Felipe ay isa sa pitong pinili upang tumulong sa Labindalawang Apostol (Gawa 6:2–6). Siya ay nangaral sa Samaria at sa isang taga-Etopio (Gawa 8).

**FILEMON.** *Tingnan din sa* Pablo

Isang Cristiyano sa Bagong Tipan na nagmamay-ari sa aliping nagngangalang Onesimo, na lumayas at sumama kay Pablo. Pinabalik ni Pablo si Onesimo kay Filemon na lakip ang isang liham na humihiling kay Filemon na patawarin ang alipin.

**FILEMON, SULAT KAY.** *Tingnan din sa* Pablo; Sulat ni Pablo, Mga

Isang aklat sa Bagong Tipan, na hinango mula sa isang liham na isinulat ni Pablo. Ang liham ni Pablo kay Filemon ay isang personal na liham tungkol kay Onesimo, isang alipin na nagnakaw sa kanyang panginoon, si Filemon, na tumakas patungo sa Roma. Pinabalik siya ni Pablo sa kanyang panginoon sa Colossae na kasama si Tychicus, ang tagadala ng liham ni Pablo sa mga taga-Colosas. Hiniling ni Pablo na si Onesimo ay patawarin at tanggapin siyang muli bilang kasamang Cristiyano. Isinulat ni Pablo ang liham na ito habang siya ay nasa bilangguan sa Roma sa kauna-unahang pagkakataon.

**FILISTEO, MGA**

Sa Lumang Tipan, isang lipi na talagang nagmula sa Caphtos (Amos 9:7) at tumira sa mayamang kapatagan sa baybay ng Mediterania mula sa Joppe hanggang sa disyerto ng Egipto bago pa noong kapanahunan ni Abraham (Gen. 21:32). Sa loob ng maraming taon ay may paghahamok-militar sa pagitan ng mga Filisteo at Israelita. Kalaunan ang Palestina, na pangalan ng lupain ng Filisteo, ay naging kilalang pangalan para sa buong Banal na Lupain.

Ang Israel ay nasa pagkaalipin sa mga Filisteo sa loob ng apatnapung taon, **Huk.** 13:1. Nilabanan ni Samson ang mga Filisteo, **Huk.** 13–16. Si Goliat ay isang Filisteo na taga-Gath, **1 Sam.** 17. Nagapi ni David ang mga Filisteo, **1 Sam.** 19:8.

**GABRIEL.** *Tingnan din sa* Anghel, Mga; Maria, Ina ni Jesus; Noe, Patriyarka sa Biblia

Isinugo ang isang anghel kina Daniel (Dan. 8:16; 9:21), Zacarias (Lu. 1:11–19; D at T 27:7), Maria (Lu. 1:26–38), at iba pa (D at T 128:21). Ipinakilala ng Propetang si Joseph Smith na si Gabriel ay si Noe na propeta sa Lumang Tipan.

**GAD, ANAK NI JACOB.** *Tingnan din sa* Israel; Jacob, Anak ni Isaac

Sa Lumang Tipan, anak nina Jacob at Zilpa (Gen. 30:10–11). Naging isang lipi sa Israel ang kanyang mga inapo.

*Ang lipi ni Gad:* Para sa pagbabasbas ni Jacob sa kanyang anak na si Gad, tingnan sa Genesis 49:19. Para sa pagbabasbas ni Moises sa lipi ni Gad, tingnan sa Deuteronomio 33:20–21. Ayon sa mga pagbabasbas na ito, magiging isang paladigmang lahi ang mga inapo ni Gad. Ang lupang ipinamahagi sa

kanila sa lupain ng Canaan ay nasa silangang bahagi ng Ilog Jordan at may mainam na lupang pagpapastulan na may masaganang tubig.

**GAD, ANG TAGAKITA.** *Tingnan din sa* Banal na Kasulatan, Mga—Nawawalang mga banal na kasulatan

Isang propeta at matapat na kaibigan at tagapayo ni David sa Lumang Tipan (1 Sam. 22:5; 2 Sam. 24:11–19). Isinulat niya ang isang aklat ng mga gawain ni David, na siyang naging nawawalang banal na kasulatan (1 Cron. 29:29).

**GALANG.** *Tingnan sa* Karangalan

**GALILEA**

Sa sinauna at makabagong panahon, ang pinakapahilagang purok ng Israel sa kanluran ng Ilog Jordan at ng Dagat ng Galilea. Tinatayang ang Galilea ay siyamnapu't pitong kilometro ang haba na may apatnapu't walong kilometro ang lawak. Noong unang panahon, ito ay binubuo ng ilang mayayamang lupa at ang pinakaabalang bayan ng Israel. Ang mahahalagang daang-bayan patungo sa Damasco, Egipto, at silangang Israel ay tumatahak sa Galilea. Ang maganda nitong klima at matabang lupa ay nagbibigay ng malalaking tanim ng mga olibo, trigo, sebada, at ubas. Naglalaan ang mga pangisdaan sa Dagat ng Galilea ng isang malawakang pakikipagkalakalan at ito ang malaking pinagkukunan ng yaman. Iniukol halos ng Tagapagligtas ang kanyang panahon sa Galilea.

Sisikat ang dakilang liwanag sa Galilea, **Is.** 9:1–3 (2 Ne. 19:1–3). Nagtungo si Jesus sa buong Galilea nangangaral, nagtuturo, at nagpapagaling, **Mat.** 4:23. Matapos ang pagkabuhay na mag-uli ni Cristo, nagpakita siya sa Galilea, **Mar.** 14:28 (Juan 21:1–14). Lumaganap ang katanyagan ni Jesus sa buong Galilea, **Lu.** 4:14. Nagsimula si Jesus ng kanyang mga himala sa Cana ng Galilea, **Juan** 2:11.

*Ang Dagat ng Galilea:* Nasa hilaga ng Israel ang Dagat ng Galilea. Tinatawag din itong Dagat ng Cinnereth sa Lumang Tipan at Lawa ng Genezaret o Tiberias sa Bagong Tipan. Nagturo si Jesus dito ng ilang pangaral (Mat. 13:2). Ang dagat ay hugis peras, 20 kilometro ang haba at 12 kilometro ang lawak sa pinakalawak nito. Ito ay nasa 207 metro mababa sa kapatagan ng dagat, na kadalasan ay nagpapainit sa hangin sa palibot. Ang malamig na hanging nanggagaling mula sa mga burol at sumasalubong sa mainit na hangin mula sa tubig ay kadalasang nagdudulot ng biglaang pagbagyo (Lu. 8:22–24).

**GALIT.** *Tingnan din sa* Pagmamahal; Poot, Pagkapoot

Ang galit ay ang pagpapakita ng init ng ulo. Binalaan ng Panginoon ang kanyang mga Banal na pigilin ang kanilang galit (Mat. 5:22). Ni magulang ni anak ay hindi nararapat magmalabis sa ibang kasapi sa mag-anak. Sa mga banal na kasulatan, ang galit ay malimit na may paglalarawan ng apoy (2 Ne. 15:25; D at T 1:13).

Labis na nagalit si Cain at namanglaw ang kanyang mukha, **Gen.** 4:5. Ang Panginoon ay banayad sa pagkagalit, at dakila sa kagandahang-loob, **Awit** 145:8. Ang malubay na sagot ay nakapapawi ng poot, **Kaw.** 15:1. Ang mainiting tao ay humihila sa pagtatalo, ngunit siyang makupad sa galit ay pumapayapa ng kaalitan, **Kaw.** 15:18 (Kaw. 14:29). Dahil sa aking pangalan ay aking iuurong ang aking galit, **Is.** 48:9. Aking iniunat ang aking mga kamay sa bayan na minumungkahi akong palagi ng mukhaan, **Is.** 65:2–3. Sinuman sa iyo'y sumampal sa kanan mong pisngi, iharap mo naman sa kanya ang kabila, **Mat.** 5:39. Kayong mga ama huwag ninyong ipamungkahi sa galit ang inyong mga anak, **Ef.** 6:4. Dahil sinabi ko sa inyo ang katotohanan kayo ay nagagalit sa akin, **Mos.** 13:4. Parurusahan ko ang mga taong ito sa aking galit, **Alma** 8:29. Wala sa kaninuman ang pag-aalab ng kanyang poot, maliban sa mga yaong hindi kumikilala ng kanyang gina-

wa sa lahat ng bagay, **D at T** 59:21. Ako, ang Panginoon, ay galit sa masasama, **D at T** 63:32.

**GAMALIEL.** *Tingnan din sa* Fariseo, Mga

Isang kilalang Fariseo sa Bagong Tipan na nakaaalam at nagtuturo ng mga batas ng Judio. Isa sa kanyang mga mag-aaral si Apostol Pablo (Gawa 22:3). Malakas siya sa Sanedrin (Gawa 5:34–40).

**GANAP**

Husto, buo, at lubos na umunlad; lubos na matwid. Ang ganap ay maaaring mangahulugan din na walang sala o kasamaan. Si Cristo lamang ang lubos na ganap. Ang mga tunay na tagasunod ni Cristo ay maaaring maging ganap sa pamamagitan ng kanyang biyaya at Pagbabayad-sala.

Maging sakdal ang inyong mga puso sa Panginoon, **1 Hari** 8:61. Kayo samakatwid ay magpakaganap na gaya ng inyong Ama sa langit, **Mat.** 5:48 (3 Ne. 12:48). Kung ang sinuman ay hindi natitisod sa salita, siya rin ay isang taong ganap, **Sant.** 3:2. Ang pananampalataya ay hindi magkaroon ng ganap na kaalaman sa mga bagay, **Alma** 32:21, 26. Ginawa ang Pagbabayad-sala nang ang Diyos ay maging ganap na Diyos, **Alma** 42:15. Si Moroni ay isang taong may ganap na pang-unawa, **Alma** 48:11–13, 17–18. Ang Espiritu ni Cristo ay ibinibigay sa bawat tao upang hatulan at malaman nang may ganap na kaalaman kung ang isang bagay ay sa Diyos o sa diyablo, **Moro.** 7:15–17. Lumapit kay Cristo at maging ganap sa kanya, **Moro.** 10:32. Magpatuloy sa pagtitiis hanggang sa ikaw ay maging ganap, **D at T** 67:13. Sila ang mga yaong makatarungang tao na naging ganap sa pamamagitan ni Jesus, **D at T** 76:69. Ang mga katungkulan sa simbahan ay para sa pagpapaganap sa mga banal, **D at T** 124:143 (Ef. 4:11–13). Ang mga buhay ay hindi magiging ganap kung wala ang kanilang mga patay, **D at T** 128:15, 18. Si Noe ay isang matwid na tao, at ganap noong kapanahunan niya, **Moi.** 8:27.

**GAWA, MGA**

Ang mga ikinikilos ng isang tao, mabuti man o masama. Ang bawat tao ay hahatulan alinsunod sa sarili niyang mga gawa.

Gagantihan ng Panginoon ang bawat tao alinsunod sa kanyang mga gawa, **Kaw.** 24:12. Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw nang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, **Mat.** 5:16 (3 Ne. 12:16). Siya na gumagawa sa kalooban ng aking Ama ay makapapasok sa kaharian ng langit, **Mat.** 7:21. Ang pananampalataya na walang mga gawa ay patay, **Sant.** 2:14–26. Sila ay kailangang hatulan sa kanilang mga gawa, **1 Ne.** 15:32 (Mos. 3:24). Nalalaman naming naligtas tayo sa pamamagitan ng biyaya, sa kabila ng lahat ng ating magagawa, **2 Ne.** 25:23. Turuan silang kailanma'y huwag manghinawa sa mabubuting gawa, **Alma** 37:34. Hinihingi na ang tao ay nararapat hatulan alinsunod sa kanilang mga gawa, **Alma** 41:3. Sa pamamagitan ng kanilang mga gawa ay inyo silang makikilala, **Moro.** 7:5 (D at T 18:38). Ako, ang Panginoon, ay hahatulan ang lahat ng tao alinsunod sa kanilang mga gawa, **D at T** 137:9.

**GAWA NG MGA APOSTOL, MGA.** *Tingnan din sa* Lucas

Ang aklat na ito ang ikalawa sa dalawang bahaging gawa na isinulat ni Lucas kay Teopilo. Ang unang bahagi ay kilala bilang Ebanghelyo Ayon kay Lucas. Natatala sa mga kabanata 1–12 ang ilan sa pangunahing gawaing pangmisyonero ng Labindalawang Apostol sa ilalim ng pamamahala ni Pedro pagkatapos na pagkatapos ng kamatayan at pagkabuhay na mag-uli ng Tagapagligtas. Inisa-isa sa mga kabanata 13–28 ang ilan sa mga paglalakbay at gawaing pangmisyonero ng Apostol na si Pablo.

**GAWAING PANGMISYONERO.** *Tingnan din sa* Ebanghelyo; Mangaral

Ang pagbahagi ng ebanghelyo ni Jesucristo sa pamamagitan ng salita at ng halimbawa.

Anong ganda sa mga bundok ang mga paa niya na naglalathala ng kaligtasan, **Is.** 52:7. Aking kapwa sisiyasatin ang aking tupa at hahanapin sila, **Ez.** 34:11. Ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng kinapal, **Mar.** 16:15 (Morm. 9:22). Ang mga bukid ay puti na at handa nang anihin, **Juan** 4:35. At paano silang magsisipangaral, kung hindi sila mga isinugo, **Rom.** 10:15. Turuan sila ng salita ng Diyos nang buong pagsusumigasig, **Jac.** 1:19. Ang Panginoon ay nagtutulot sa lahat ng bansa na ituro ang kanyang salita, **Alma** 29:8. Ang ebanghelyo ay maihayag ng mahihina at ng pangkaraniwan, **D at T** 1:23. Isang kagila-gilalas na gawain ang malapit nang maganap, **D at T** 4:1. Kung kayo ay gagawa nang buo ninyong panahon at magdala ng isang kaluluwa sa akin, anong laki ang inyong kagalakan, **D at T** 18:15. Ang aking mga hinirang ay naririnig ang aking tinig at hindi pinatigas ang kanilang mga puso, **D at T** 29:7. Hahayo at mangangaral ng aking ebanghelyo, nang dala-dalawa, **D at T** 42:6. Ang tunog ay kinakailangang humayo mula sa lugar na ito, **D at T** 58:64. Buksan ang inyong mga bibig sa pagpapahayag ng aking ebanghelyo, **D at T** 71:1. Ipinahahayag ang katotohanan alinsunod sa mga paghahayag at kautusan, **D at T** 75:4. Bawat tao na nabigyan ng babala ay dapat balaan ang kanyang kapwa, **D at T** 88:81 (D at T 38:40–41). Ang Panginoon ay tutustos para sa mga mag-anak ng mga yaong nangangaral ng ebanghelyo, **D at T** 118:3. Ang mga tagapaglingkod ng Diyos ay hahayo, **D at T** 133:38. Ang matatapat na elder, kapag sila ay lumisan sa buhay na ito, ay ipagpapatuloy ang kanilang mga gawa, **D at T** 138:57.

**GAWIN.** *Tingnan sa* Pagsunod, Masunurin, Sumunod

**GEDEON** (Aklat ni Mormon)

Isang matapat na pinunong Nephita.

Isang malakas na lalaki at kaaway ni Haring Noe, **Mos.** 19:4–8. Nagpayo kasama si Haring Limhi, **Mos.** 20:17–22. Nagmungkahi ng isang plano upang makatakas mula sa pagkaalipin sa mga Lamanita, **Mos.** 22:3–9. Pinatay ni Nehor, **Alma** 1:8–10.

**GEDEON** (Lumang Tipan)

Isang pinunong nagligtas sa Israel mula sa mga Madianita (Huk. 6:11–40; 7–8).

**GENESIS.** *Tingnan din sa* Pentateuch

Isang salitang Griyego na nangangahulugang "pinagmulan" o "simula". Ang aklat ng Genesis ay unang aklat sa Lumang Tipan at isinulat ng propetang si Moises. Nagbibigay ito ng ulat ng maraming pasimula katulad ng paglikha ng mundo, ang paglalagay ng mga hayop at tao sa mundo, ang pagkahulog nina Adan at Eva, ang paghahayag ng ebanghelyo kay Adan, ang simula ng mga lipi at lahi, ang pinagmulan ng iba't ibang wika sa Babel, at ang pinagmulan ng mag-anak ni Abraham na nagbigay-daan sa pagkakatatag ng sambahayan ni Israel. Ang ginampanan ni Jose bilang isang tagapangalaga ng Israel ay binigyang-diin sa Genesis.

Pinagtitibay at ipinaliliwanag ng paghahayag sa huling araw ang mga tala sa Genesis (1 Ne. 5; Eter 1; Moi. 1–8; Abr. 1–5).

Sa aklat ng Genesis, iniuulat sa mga kabanata 1–4 ang paglikha ng daigdig at ang paglaganap ng mag-anak ni Adan. Itinala sa mga kabanata 5–10 ang kasaysayan ni Noe. Nasasaad sa mga kabanata 11–20 ang tungkol kay Abraham at sa kanyang mag-anak hanggang sa panahon ni Isaac. Sa mga kabanata 21–35 ang tungkol sa mag-anak ni Isaac. Nasasaad sa kabanata 36 ang tungkol kay Esau at sa kanyang mag-anak. Nasasaad sa mga kabanata 37–50 ang tungkol sa mag-anak ni Jacob at nagbibigay-ulat tungkol kay Jose na ipinagbili sa Egipto at sa kanyang ginampanang papel sa pagliligtas sa sambahayan ni Israel.

**GENTIL, MGA**

Sa pagkakagamit sa mga banal na kasulatan, may ilang kahulugan ang *mga Gentil.* Tumutukoy ito minsan sa mga

taong hindi kabilang sa angkan ng mga Israelita, minsan mga taong hindi kabilang sa angkan ng mga Judio, at minsan mga bayang walang ebanghelyo, kahit na maaaring may dugong Israelita sa mga tao. Itong huling pagkakagamit ay katangian ng salitang ginamit sa Aklat ni Mormon at sa Doktrina at mga Tipan.

Ang mga Israelita ay di dapat magpakasal sa mga hindi Israelita (mga Gentil), **Deut.** 7:1–3. Paparito ang Panginoon upang maging isang tanglaw ng mga Gentil, **Is.** 42:6. Inutusan si Pedro na dalhin ang ebanghelyo sa mga Gentil, **Gawa** 10:9–48. Ipinagkaloob din ng Diyos ang pagsisisi sa mga Gentil, **Gawa** 11:18. Bininyagan tayo sa iisang simbahan, maging tayo ay mga Judio o Gentil, **1 Cor.** 12:13. Ang mga Gentil ay nararapat maging kasamang tagapagmana kay Cristo sa pamamagitan ng ebanghelyo, **Ef.** 3:6. Isinulat ang Aklat ni Mormon para sa mga Gentil, **Unang pahina sa Aklat ni Mormon** (Morm. 3:17). Isang lalaki sa mga Gentil ang humayo sa mga tubig, **1 Ne.** 13:12. Iba pang mga aklat ang manggagaling mula sa mga Gentil, **1 Ne.** 13:39. Ang kabuuan ng ebanghelyo ay darating sa mga Gentil, **1 Ne.** 15:13 (3 Ne. 16:7; D at T 20:19). Ang lupang ito ay magiging isang lupain ng kalayaan sa mga Gentil, **2 Ne.** 10:11. Ang mga Gentil ay isang kahalintulad ng isang ligaw na punong olibo, **Jac.** 5. Darating ang ebanghelyo sa panahon ng mga Gentil, **D at T** 45:28 (D at T 19:27). Maihahayag ang salita hanggang sa mga dulo ng mundo, una sa mga Gentil, at pagkatapos sa mga Judio, **D at T** 90:8–10. Ang Pitumpu ang magiging mga tanging saksi sa mga Gentil, **D at T** 107:25. Isugo ang mga elder ng aking simbahan upang manawagan sa lahat ng bansa, una sa mga Gentil, at pagkatapos sa mga Judio, **D at T** 133:8.

**GETSEMANI.** *Tingnan din sa* Bayad-sala, Pagbabayad-sala; Olibo, Bundok ng mga

Isang halamanan na isinasaad sa Bagong Tipan na malapit sa Bundok ng mga Olibo. Sa Aramic, ang ibig sabihin ng salitang *getsemani* ay "giikan ng olibo". Nagtungo si Jesus sa halamanan noong gabing ipagkanulo siya ni Judas. Doon siya nanalangin at nagdusa sa Getsemani para sa mga kasalanan ng sangkatauhan (Mat. 26:36, 39; Mar. 14:32; Juan 18:1; Alma 21:9; D at T 19:15–19).

**GINAWA ALANG-ALANG SA IBA.** *Tingnan sa* Kaligtasan para sa mga Patay; Ordenansa, Mga—Ordenansang ginawa alang-alang sa iba

**GOG.** *Tingnan din sa* Magog; Ikalawang Pagparito ni Jesucristo

Hari ng Magog. Nagpropesiya si Ezekiel na lulusubin ng Gog ang Israel sa panahon ng ikalawang pagparito ng Panginoon (Ez. 38–39). Magaganap ang isa pang digmaan na tinawag na digmaan ng Gog at Magog sa pagwawakas ng milenyo (Apoc. 20:7–9; D at T 88:111–116).

**GOLGOTA.** *Tingnan din sa* Pagpapako sa Krus; Jesucristo

Ang ibig sabihin ng *Golgota* sa wikang Aramic ay "isang bungo". Ito ang pangalan ng pook kung saan ipinako si Cristo (Mat. 27:33; Mar. 15:22; Juan 19:17). Ang pangalan sa Latin ng pook na ito ay *Calvario* (Lu. 23:33).

**GOLIAT.** *Tingnan din sa* David

Sa Lumang Tipan, isang higanteng Filisteo na humamon sa mga hukbong Israelita. Tinanggap ni David ang kanyang hamon at napatay siya sa tulong ng Panginoon (1 Sam. 17).

**GOMORRA.** *Tingnan din sa* Sodoma

Sa Lumang Tipan, isang masamang lunsod na winasak ng Panginoon (Gen. 19:12–29).

**GURO.** *Tingnan sa* Turuan, Guro

**GURO, PAGKASASERDOTENG AARON.** *Tingnan din sa* Pagkasaserdoteng Aaron

Isang katungkulan sa Pagkasaserdoteng Aaron.

Tungkulin ng guro ang pangalagaan ang Simbahan, **D at T** 20:53–60. Ang katungkulan ng guro ay isang mahalagang bahagi ng nakabababang pagkasaserdote, **D at T** 84:30, 111. Ang pangulo sa korum ng mga guro ang namumuno sa dalawampu't apat na guro, **D at T** 107:86.

**HABACUC**

Isang propeta sa Lumang Tipan sa Juda na nangusap sa pagkamakasalanan ng mga tao sa panahon ng paghahari ni Joachin (c. 600 B.C.).

*Ang aklat ni Habacuc:* Ang kabanata 1 ay isang pag-uusap sa pagitan ng Panginoon at ng kanyang propeta, katulad sa mga yaong nasa Jeremias 12 at Doktrina at mga Tipan 121. Nababagabag si Habacuc na tila nananagana ang masasama. Sa kabanata 2 pinagpayuhan ng Panginoon si Habacuc na magtiis—kailangang matuto ang mga matwid na mamuhay sa pananampalataya. Natatala sa kabanata 3 ang panalangin ni Habacuc kung saan kinilala niya ang katarungan ng Diyos.

**HAGAI**

Isang propeta sa Lumang Tipan na nagpropesiya humigit-kumulang noong 520 B.C. sa Jerusalem, pagkatapos bumalik ang mga taong Judio mula sa kanilang pagkakatapon sa Babilonia (Ez. 5:1; 6:14). Nangusap siya hinggil sa muling pagtatayo ng templo ng Panginoon sa Jerusalem at kinagalitan ang mga tao dahil hindi pa ito natatapos. Isinulat din niya ang hinggil sa milenyal na templo at ang paghahari ng Tagapagligtas.

*Ang aklat ni Hagai:* Sa kabanata 1 pinagalitan ng Panginoon ang mga tao sa paninirahan sa kanilang mga bahay na gawa na habang ang templo ay nananatiling hindi pa nagagawa. Natatala sa kabanata 2 ang mga propesiya ni Hagai na magbibigay ng kapayapaan ang Panginoon sa kanyang templo.

**HAGOT**

Isang Nephita na manggagawa ng mga sasakyang-dagat sa Aklat ni Mormon (Alma 63:5–7).

**HAIN.** *Tingnan din sa* Bagbag na Puso; Bayad-sala, Pagbabayad-sala; Dugo; Jesucristo; Sakramento

Noong sinaunang panahon, ang *sakripisyo'y* nangangahulugan ng pagpapabanal ng isang bagay o isang tao. Ito ngayon ay nangangahulugang isusuko o hahayaan ang pagkawala ng mga bagay sa mundo alang-alang sa Panginoon at sa kanyang kaharian. Ang mga kasapi ng Simbahan ng Panginoon ay nararapat na maging handa sa pagsasakripisyo ng lahat ng bagay alang-alang sa Panginoon. Itinuro ni Joseph Smith na "ang isang relihiyong hindi nangangailangan ng sakripisyo sa lahat ng bagay ay hindi kailanman magkakaroon ng sapat na kapangyarihan na makapagbigay ng pananampalatayang kinakailangan ng buhay at kaligtasan." Sa isang walang hanggang pananaw, ang mga pagpapalang natatamo sa pamamagitan ng pagsasakripisyo ay nakahihigit sa anumang bagay na isinuko.

Pagkaraang palayasin sina Adan at Eva sa Halamanan ng Eden, ibinigay sa kanila ng Panginoon ang batas ng paghahain. Sinasaklaw ng batas na ito ang paghahandog ng mga panganay ng kanilang mga kawan. Sumasagisag ang paghahaing ito sa sakripisyong gagawin ng Bugtong na Anak ng Diyos (Moi. 5:4–8). Nagpatuloy ang kaugaliang ito hanggang sa pagkamatay ni Jesucristo, na nagwakas sa paghahain ng hayop bilang isang ordenansa ng ebanghelyo (Alma 34:13–14). Sa Simbahan ngayon, ang mga kasapi ay bumabahagi ng sakramento ng tinapay at tubig bilang paggunita sa pagsasakripisyo ni Jesucristo. Hinihingi rin sa mga kasapi ng Simbahan ni Cristo ngayon ang paghahain ng isang bagbag na puso at isang nagsisising espiritu (3 Ne. 9:19–22). Ang ibig sabihin nito, sila ay nagpapakumbaba, nagsisisi, at handang sumunod sa mga kautusan ng Diyos.

Tinalian ni Abraham si Isaac na kanyang anak at inilagay sa ibabaw ng dambana, **Gen.** 22:1–18 (Jac. 4:5). Inyong ihahain ang inyong mga handog na susunugin, **Ex.** 20:24. Ang mga hayop na ihahain ay nararapat na walang kapintasan, **Deut.** 15:19–21. Ang pagsunod ay maigi kaysa hain, **1 Sam.** 15:22. Ang umibig ay higit pa kaysa lahat ng handog na susunugin at mga hain, **Mar.** 12:32–33. Tayo'y ginagawang banal sa pamamagitan ng pagkahandog ng katawan ni Cristo, **Heb.** 10:10–14. Inihandog ni Cristo ang kanyang sarili na isang hain para sa kasalanan, **2 Ne.** 2:6–7. Ang dakila at huling hain ay ang Anak ng Diyos, oo, walang katapusan at walang hanggan, **Alma** 34:8–14. Huwag nang maghain ng handog na susunugin; isang bagbag na puso at nagsisising espiritu ang ihain sa Diyos, **3 Ne.** 9:19–20 (Awit 51:16–17; D at T 59:8). Ngayon ay araw ng paghahain, **D at T** 64:23 (D at T 97:12). Lahat ng handang tuparin ang kanilang mga tipan sa pamamagitan ng paghahain ay tinatanggap ng Panginoon, **D at T** 97:8. Nakita ni Joseph F. Smith ang mga espiritu ng mga matwid, na naghandog ng mga hain na kahalintulad ng pagsasakripisyo ng Tagapagligtas, **D at T** 138:13. Ang pagtubos ay dumating sa pamamagitan ng pagsasakripisyo ng Anak ng Diyos sa krus, **D at T** 138:35.

**HALAMANAN NG EDEN.** *Tingnan sa* Eden

**HALAMANAN NG GETSEMANI.** *Tingnan sa* Getsemani

**HAM.** *Tingnan din sa* Noe, Patriyarka sa Biblia

Sa Lumang Tipan, ang pangatlong anak ni Noe (Gen. 5:32; 6:10; Moi. 8:12, 27).

Pumasok si Noe, ang kanyang mga anak, at ang kanilang mga mag-anak sa arka, **Gen.** 7:13. Isinumpa si Canaan, ang anak ni Ham, **Gen.** 9:18–25. Ang pamahalaan ni Ham ay patriyarkal at pinagpala sa mga bagay ng mundo at karunungan subalit hindi sa pagkasaserdote, **Abr.** 1:21–27. Ang asawa ni Ham, na si Egiptus, na inapo ni Cain; ang mga anak na lalaki ng kanilang anak na babaing si Egiptus ay nanirahan sa Egipto, **Abr.** 1:23, 25 (Awit 105:23; 106:21–22).

**HANDOG.** *Tingnan sa* Kaloob

**HAPUNAN NG PANGINOON.** *Tingnan sa* Sakramento

**HARI, MGA.** *Tingnan sa* Mga Hari

**HARRIS, MARTIN.** *Tingnan din sa* Saksi sa Aklat ni Mormon, Mga

Isa sa Tatlong Saksi sa banal na pinagmulan at katotohanan ng Aklat ni Mormon. Tumulong siya sa pananalapi kay Joseph Smith at sa Simbahan. Hiniling ng Panginoon kay Martin Harris na ipagbili ang kanyang ari-arian at ibigay ang kanyang mga laang-salapi upang ibayad para sa paglalathala ng Aklat ni Mormon (D at T 19:26–27, 34–35); upang maging isang halimbawa sa Simbahan (D at T 58:35); at upang tumulong sa pagbabayad ng mga gugol ng paglilingkod (D at T 104:26).

Itiniwalag si Martin Harris sa Simbahan subalit sa huli ay bumalik din sa pagiging ganap na kasapi. Hanggang sa katapusan ng kanyang buhay ay nagpatotoo siya na nakita niya ang anghel na si Moroni at ang mga laminang ginto kung saan nagmula ang isinalin ni Joseph Smith na Aklat ni Mormon.

**HATOL, PAGHATOL.** *Tingnan din sa* Jesucristo—Hukom; Kaparusahan, Parurusahan; Paghuhukom, Ang Huling

Ang suriin ang pag-uugali kaugnay ng mga alituntunin ng ebanghelyo; upang magpasiya; upang malaman ang mabuti sa masama.

Si Moises ay umupo upang hatulan ang mga tao, **Ex.** 18:13. Sa katwiran hatulan ninyo ang inyong kapwa, **Lev.** 19:15. Huwag manghatol nang hindi kayo hatulan, **Mat.** 7:1 (PJS, Mat. 7:1–2; Lu. 6:37; 3 Ne. 14:1). Kasindami ng

nagkasala sa ilalim ng batas ay sa batas din hahatulan, **Rom.** 2:12. Hahatulan ng mga banal ang sanlibutan, **1 Cor.** 6:2–3. Ang Anak ng Diyos na walang hanggan ay hinatulan ng sanlibutan, **1 Ne.** 11:32. Ang Labindalawang Apostol ng Kordero ang mga yaong hahatol sa labindalawang lipi ni Israel, **1 Ne.** 12:9 (D at T 29:12). Ang kamatayan, impiyerno, ang diyablo at lahat ng yaong nahawakan niyon ay tiyak na hahatulan, **2 Ne.** 28:23 (1 Ne. 15:33). Kung hahatulan ninyo ang taong humihingi sa inyo ng inyong kabuhayan, gaano higit na makatarungan ang inyong kahatulan dahil sa pagkakait ninyo ng inyong kabuhayan, **Mos.** 4:22. Ang mga tao ay nararapat na hatulan alinsunod sa kanilang mga gawa, **Alma** 41:3. Humatol nang makatwiran, at ang katarungan ay manunumbalik sa iyong muli, **Alma** 41:14. Mula sa mga aklat na isusulat ay hahatulan ang sanlibutan, **3 Ne.** 27:23–26 (Apoc. 20:12). Ang labi ng mga taong ito ay hahatulan ng labindalawang pinili ni Jesus sa lupaing ito, **Morm.** 3:18–20. Ipinaliwanag ni Mormon ang paraan ng paghatol ng mabuti sa masama, **Moro.** 7:14–18. Magtiwala ka sa Espiritung yaon na nag-aakay sa paghatol nang matwid, **D at T** 11:12. Nararapat ninyong sabihin sa inyong mga puso—ang Diyos ang hahatol sa akin at sa iyo, **D at T** 64:11. Ang Simbahan ng Panginoon ang maghuhukom sa mga bansa, **D at T** 64:37–38. Dinalaw ng Anak ang mga espiritu sa bilangguan upang sila ay mahatulan alinsunod sa mga tao sa laman, **D at T** 76:73 (1 Ped. 4:6). Ang obispo ay magiging pangkalahatang hukom, **D at T** 107:72–74. Ang Panginoon ang hahatol sa lahat ng tao alinsunod sa kanilang mga gawa, alinsunod sa pagnanais ng kanilang mga puso, **D at T** 137:9.

**HEBREO.** *Tingnan din sa* Israel

Isang wikang Semitica na ginagamit ng mga anak ni Israel.

Ginamit ng mga Israelita ang wikang Hebreo hanggang sa kanilang pagbalik mula sa pagkabihag sa Babilonia, na sa panahong iyon ang wikang Aramic ang naging wika sa pang-araw-araw na pakikipag-usap. Sa panahon ni Jesus, ang Hebreo ang wika ng marurunong, ng mga batas, at panitikang pangrelihiyon.

**HEBREO, SULAT SA MGA.**
*Tingnan din sa* Pablo; Sulat ni Pablo, Mga

Isang aklat sa Bagong Tipan. Isinulat ni Pablo ang liham na ito sa mga kasaping Judio ng Simbahan upang hikayatin sila na ang pinakamahalagang bahagi ng mga batas ni Moises ay natupad kay Cristo at pinalitan na ito ng mas matataas na batas ng ebanghelyo ni Cristo. Nang bumalik na si Pablo sa Jerusalem sa pagtatapos ng kanyang pangatlong misyon (mga A.D. 60), nalaman niya na maraming kasaping Judio ng Simbahan ang sumusunod pa rin sa mga batas ni Moises (Gawa 21:20). Napag-alaman lamang ito sampung taon pagkatapos ng isang pagpupulong ng Simbahan sa Jerusalem na ang ilan sa mga ordenansa ng mga batas ni Moises ay hindi na kinakailangan para sa kaligtasan ng mga Cristiyanong gentil. Tila, pagkatapos noon kaagad sumulat si Pablo sa mga Hebreo upang ipakita sa kanila sa pamamagitan ng kanilang sariling banal na kasulatan at sa pamamagitan ng makabuluhang paliwanag kung bakit hindi na nila nararapat isagawa pa ang mga batas ni Moises.

Ipinaliliwanag sa mga kabanata 1 at 2 na si Jesus ay mas mataas kaysa sa mga anghel. Inihahambing sa mga kabanata 3–7 si Jesus kay Moises at sa mga batas ni Moises at nagpatotoo na siya ang mas mataas sa dalawa. Itinuturo rin dito na ang Pagkasaserdoteng Melquisedec ay mataas kaysa sa Aaron. Inilalarawan sa mga kabanata 8–9 kung paano inihanda ng mga ordenansang ibinigay kay Moises ang mga tao para sa ministeryo ni Cristo at kung paano si Cristo ang Tagapamagitan ng bagong tipan (Alma 37:38–45; D at T

84:21–24). Ang kabanata 10 ay isang masidhing paghihikayat sa pagsisikap at katapatan. Ang kabanata 11 ay isang talumpati sa pananampalataya. Ibinibigay sa kabanata 12 ang mga pagpapaalaala at pagbati. Isinasalaysay sa kabanata 13 ang marangal na katangian ng pagpapakasal at ang kahalagahan ng pagsunod.

**HEBRON**

Isang lumang lunsod ng Juda, tatlumpu't dalawang kilometro timog ng Jerusalem. Ito ang pook na pinaglibingan kay Abraham at sa kanyang mag-anak (Gen. 49:29–32). Kabiserang lunsod ni David noong unang panahon ng kanyang paghahari (2 Sam. 5:3–5).

**HELAMAN, ANAK NI ALMA.**
*Tingnan din sa* Alma, Anak ni Alma; Anti-Nephi-Lehi; Helaman, Mga Anak ni

Sa Aklat ni Mormon, ang pinakamatandang anak ni Alma, na anak ni Alma (Alma 31:7). Si Helaman ay isang propeta at pinuno ng hukbo.

Ipinagkatiwala ni Alma sa kanyang anak na si Helaman ang mga talaan ng kanyang mga tao at kasama ang mga lamina ng mga Jaredita, **Alma** 37:1–2, 21. Inutusan ni Alma si Helaman na ipagpatuloy ang pagsusulat ng kasaysayan ng kanyang mga tao, **Alma** 45–62. Itinatag muli ni Helaman ang Simbahan, **Alma** 45:22–23. Hinangad ng dalawang libong kabataang mandirigmang Ammonita si Helaman na maging pinuno nila, **Alma** 53:19, 22. Nakipaglaban si Helaman at ang kanyang mga kabataang Ammonita sa mga Lamanita at napangalagaan sa pamamagitan ng pananampalataya, **Alma** 57:19–27.

**HELAMAN, ANAK NI HARING BENJAMIN.** *Tingnan din sa* Benjamin, Ama ni Mosias

Sa Aklat ni Mormon, isa sa tatlong anak ni Haring Benjamin (Mos. 1:2–8).

**HELAMAN, ANAK NI HELAMAN**

Isang propeta at tagapag-ingat ng talaan sa Aklat ni Mormon na nagturo sa mga taong Nephita. Apo siya ng Nakababatang Alma at ama ni Nephi na binigyan ng kapangyarihan sa lahat ng elemento (Hel. 5–10). Kasama ang kanyang anak na si Nephi, sinulat ni Helaman ang aklat ni Helaman.

*Ang aklat ni Helaman:* Inilalarawan sa mga kabanata 1–2 ang isang panahon ng malaking kaguluhang pulitikal. Natatala sa mga kabanata 3–4 na sina Helaman at Moronihas, punong-kapitan ng mga hukbong Nephita, ay natamo rin pansamantala ang kapayapaan. Gayunpaman sa kabila ng pamumuno ng mabubuting taong ito, naging napakasama ng mga tao. Sa mga kabanata 5–6 ibinigay ni Nephi ang hukumang luklukan, katulad ng ginawa ng kanyang ninunong si Alma, upang magturo sa mga tao. Pansamantalang nagsisi ang mga tao. Gayunpaman sa mga kabanata 6–12 naging masama ang bansang Nephita. Ang mga huling kabanata, 13–16, ay naglalaman ng kahanga-hangang ulat ng isang propeta na tinawag na Samuel, ang Lamanita na naghayag sa pagsilang at pagpapako sa krus ng Tagapagligtas at ang mga palatandaan na magiging tanda ng mga pangyayaring yaon.

**HELAMAN, MGA ANAK NI.**
*Tingnan din sa* Anti-Nephi-Lehi; Helaman, Anak ni Alma

Sa Aklat ni Mormon, mga anak na lalaki ng mga nagbalik-loob na mga Lamanita na kilala bilang mga Ammonita na naging mga mandirigma sa ilalim ng pag-uutos ni Helaman (Alma 53:16–22).

Ipinalagay ni Helaman na karapat-dapat silang tawaging kanyang mga anak, **Alma** 56:10. Tinuruan sila ng kanilang mga ina na huwag mag-alinlangan sa kakayahan ng Panginoong iligtas sila, **Alma** 56:47. Dinaig nila ang mga Lamanita at napangalagaan ng kanilang pananampalataya maging wala ni isa sa kanila ang napatay, **Alma** 56:52–54, 56; 57:26.

**HERODES**

Isang mag-anak na mga pinuno sa Judea malapit sa panahon ni Jesucristo. Sila ay mahahalagang tao sa maraming pangyayari sa Bagong Tipan. Tingnan ang banghay sa ibaba:


**HERODIAS**

Kapatid na babae ni Herodes Agripa sa Bagong Tipan. Kasal siya sa kanyang tiyuhing si Herodes Filipo, kung kanino mayroon siyang isang anak, si Salome. Nagsabwatan siya at si Salome upang mapugutan ng ulo si Juan Bautista (Mat. 14:3–11).

**HIMALA.** *Tingnan din sa* Palatandaan; Pananampalataya

Isang di pangkaraniwang pangyayari na sanhi ng kapangyarihan ng Diyos. Ang mga himala ay mahahalagang bagay sa gawain ni Jesucristo. Kabilang nito ang pagpapagaling, pagbabalik ng buhay sa patay, at pagkabuhay na mag-uli. Ang mga himala ay bahagi ng ebanghelyo ni Jesucristo. Ang pananampalataya ay kinakailangan upang makita ang mga himala (Mar. 6:5–6; Morm. 9:10–20; Eter 12:12).

Nang magsalita ang Faraon, Magpakita ng himala, **Ex.** 7:9. Walang taong gumagawa ng himala sa aking pangalan na pagdaka'y makapagsasalita ng masama tungkol sa akin, **Mar.** 9:39. Ang Cana ang lugar na ginawan ni Jesus ng kanyang unang himala, **Juan** 2:11. Ako ay Diyos ng mga himala, **2 Ne.** 27:23. Ang kapangyarihan ng Diyos ay gumagawa ng mga himala, **Alma** 23:6. Si Cristo ay makapagpapakita ng mga dakilang himala sa mga yaong nasa lupalop ng Amerika dahil sa kanilang malaking pananampalataya, **3 Ne.** 19:35. Ang Diyos ay hindi tumitigil na maging Diyos ng himala, **Morm.** 9:15. Huwag humingi ng mga himala, maliban kung ipag-utos ng Panginoon, **D at T** 24:13–14. Sa iba ay ipinagkakaloob ang paggawa ng mga himala, **D at T** 46:21 (Moro. 10:12).



**HIMNI.** *Tingnan din sa* Mosias, Anak ni Benjamin; Mosias, Mga Anak ni

Sa Aklat ni Mormon, ang anak ni Haring Mosias. Humayo si Himni kasama ang kanyang mga kapatid upang mangaral sa mga Lamanita (Mos. 27:8–11, 34–37; 28:1–9).

**HIMNO.** *Tingnan din sa* Awitin; Musika

Ang awit ng papuri sa Diyos.

Isang himno ang inawit ng Labindalawang Apostol bago nagtungo ang Panginoon sa Getsemani, **Mat.** 26:30. Tinawag ng Panginoon si Emma Smith upang pumili ng mga banal na himno, **D at T** 25:11. Ang awit ng mabubuti ay isang panalangin sa akin, at ito ay tutugunan ng pagpapala sa kanilang mga ulo, **D at T** 25:12. Purihin ang Panginoon sa pamamagitan ng pag-awit at ng musika, **D at T** 136:28.

**HINDI BANAL.** *Tingnan sa* Makasalanan

**HINDI MALINIS.** *Tingnan sa* Malinis at Hindi Malinis

**HINIRANG, PAGKAKAHIRANG.** *Tingnan din sa* Pagkakatawag at Pagkakahirang

Ang hinirang ay yaong mga nagmamahal sa Diyos nang buo nilang puso at namumuhay sa pamamaraang nakasisiya sa kanya. Yaong namumuhay sa gayong paraan ng pagiging disipulo ay mapipili isang araw ng Panginoon na maging kabilang sa mga pinili niyang anak.

Batay sa pagiging karapat-dapat sa buhay bago pa sa buhay na ito, pinili ng Diyos ang mga yaong magiging binhi ni Abraham at sambahayan ni Israel at maging mga pinagtipanang tao (Deut. 32:7–9; Abr. 2:9–11). Binibigyan ng mga natatanging pagpapala at tungkulin ang mga taong ito nang sa gayon ay mapagpala nila ang lahat ng bansa sa daigdig (Rom. 11:5–7; 1 Ped. 1:2; Alma 13:1–5; D at T 84:99). Gayunman, maging ang mga piniling ito ay kinakailangang matawag at mahirang sa buhay na ito upang matamo ang kaligtasan.

Kung maaari, kanilang lilinlangin ang mga hinirang, **Mat.** 24:24. Nagalak si Juan dahil sa matatapat ang mga anak ng hinirang na babae, **2 Juan** 1. Ang iyong mga kasalanan ay pinatawad na sa iyo, at ikaw ay isang hinirang na babae, **D at T** 25:3. Ang aking hinirang ay naririnig ang aking tinig at hindi pinatitigas ang kanilang mga puso, **D at T** 29:7. Sa gayon ko titipunin ang aking mga hinirang mula sa apat na sulok ng mundo, **D at T** 33:6. Ang mga banal na kasulatan ay ibibigay para sa kaligtasan ng sarili kong hinirang, **D at T** 35:20–21. Yaong matatapat sa kanilang mga tungkulin ng pagkasaserdote ay magiging mga hinirang ng Diyos, **D at T** 84:33–34. Alang-alang sa mga hinirang, ang mga araw ng paghihirap ay paiikliin, **JS—M** 1:20.

**HIWAGA NG DIYOS, MGA**

Ang mga hiwaga ng Diyos ay mga espirituwal na katotohanang nalalaman lamang sa pamamagitan ng paghahayag. Ipinahahayag ng Diyos ang kanyang mga hiwaga sa mga yaong sumusunod sa ebanghelyo. Ang ilan sa mga hiwaga ng Diyos ay ipahahayag pa lamang.

Sa inyo'y ipinagkaloob ang makaalam ng mga hiwaga ng kaharian ng langit, **Mat.** 13:11. Kung malaman ko ang lahat ng hiwaga at ako'y walang pag-ibig, ako ay walang kabuluhan, **1 Cor.** 13:2. Si Nephi ay may malaking kaalaman sa mga hiwaga ng Diyos, **1 Ne.** 1:1. Ibinigay sa marami ang malaman ang mga hiwaga ng Diyos, **Alma** 12:9. Sa kanya ay ipagkakaloob na malaman ang mga hiwaga ng Diyos, **Alma** 26:22. Ang mga hiwagang ito ay hindi pa ganap na ipinaalam sa akin, **Alma** 37:11. Maraming hiwaga na walang sinuman ang nakaaalam maliban sa Diyos lamang, **Alma** 40:3. Kaydakila ng mga hiwaga ng Diyos, **D at T** 19:10. Kung kayo ay hihingi, kayo ay makatatanggap ng mga paghahayag at inyong malalaman ang mga hiwaga ng kaharian, **D at T** 42:61,

65 (1 Cor. 2:7, 11–14). Siya na sumusunod sa mga kautusan ay bibigyan ng mga hiwaga ng kaharian, **D at T** 63:23. Sa kanila aking ipahahayag ang lahat ng hiwaga, **D at T** 76:7. Ang nakatataas na pagkasaserdote ang humahawak ng susi ng mga hiwaga, **D at T** 84:19. Sa kanyang pagparito ipahahayag ng Panginoon ang mga nakatagong bagay na walang sinuman ang nakaaalam, **D at T** 101:32–33. Ang Pagkasaserdoteng Melquisedec ay pagkakaroon ng pribilehiyong makatanggap ng mga hiwaga ng kaharian, **D at T** 107:19.

**HOMOSEKSUWALIDAD.** *Tingnan din sa* Mahalay, Kahalayan; Pakikiapid

Seksuwal na pakikipag-ugnayan ng bawat isa sa may gayon ding kasarian. Ipinagbabawal ng Diyos ang ganitong uri ng gawaing seksuwal.

Dalhin sila sa amin, upang makilala namin sila, **Gen.** 19:1–11 (Moi. 5:51–53). Huwag kang sisiping sa sangkatauhan; ito ay karumal-dumal, **Lev.** 18:22 (Lev. 20:13). Hindi dapat magkaroon ng Sodomita sa mga anak ni Israel, **Deut.** 23:17. Ipinahayag nila ang kanilang mga kasalanan katulad ng Sodoma, hindi nila ito maitatago, **Is.** 3:9 (2 Ne. 13:9). Pinag-aalab ang mga tao ng kanilang pagnanasa sa isa't isa, **Rom.** 1:27. Hindi mamanahin ang kaharian ng Diyos ng mga nagmamalabis sa kanilang sarili kasama ang sangkatauhan, **1 Cor.** 6:9–10. Hindi ginawa ang batas para sa isang matwid na tao, kundi para sa kanila na dinungisan ang kanilang sarili kasama ang sangkatauhan, **1 Tim.** 1:9–10. Yaong mga humahayo sa tawag ng laman ay ibinigay bilang isang halimbawa, na magdaranas ng paghihiganti ng apoy na walang hanggan, **Jud.** 1:7.

**HOSANA**

Isang salita mula sa Hebreo na nangangahulugang "mangyari pong iligtas kami" at ginagamit sa pagpupuri at pagsasamo.

Sa Pista ng mga Tabernakulo, na ipinagdiriwang ang pagkakaligtas ng Panginoon sa Israel patungo sa lupang pangako, inawit ng mga tao ang mga salita sa Awit 118 at iwinawagayway ang mga sanga ng palaspas. Sa matagumpay na pagpasok ng Panginoon sa Jerusalem, nagsigawan ang maraming tao ng "Hosana" at inilatag ang mga sanga ng palaspas para kay Jesus upang daanan, sa gayon ipinakikita ang kanilang kaalaman na si Jesus ang siya ring Panginoon na nagligtas sa Israel noong unang panahon (Awit 118:25–26; Mat. 21:9, 15; Mar. 11:9–10; Juan 12:13). Nakilala ng mga taong ito si Cristo bilang ang pinakahihintay na Mesiyas. Ang salitang *Hosana* ay naging pagdiriwang sa Mesiyas sa lahat ng panahon (1 Ne. 11:6; 3 Ne. 11:14–17). Kabilang ang sigaw na hosana sa pagtatalaga ng Templo ng Kirtland (D at T 109:79) at bahagi ngayon sa pagtatalaga ng mga makabagong templo.

**HUGAS, NAHUGASAN, MGA PAGHUHUGAS.** *Tingnan din sa* Bayad-sala, Pagbabayad-sala; Pagbibinyag, Binyagan

Ang maglinis, pisikal o espirituwal. Sa pagsasagisag, ang isang taong nagsisisi ay maaaring malinis mula sa buhay na puno ng kasalanan at mga ibubunga nito sa pamamagitan ng pagbabayad-salang hain ni Jesucristo. Ang ilang mga paghuhugas na isinasagawa sa ilalim ng wastong karapatan ng pagkasaserdote ay nagsisilbing mga banal na ordenansa.

Lalabhan ng saserdote ang kanyang mga kasuotan at maliligo sa tubig, **Blg.** 19:7. Hugasan mo ako nang lubos sa aking kasalanan, **Awit** 51:2, 7. Mangaghugas kayo, mangaglinis kayo, huminto sa paggawa ng masama, **Is.** 1:16–18. Hinugasan ni Jesus ang mga paa ng kanyang mga Apostol, **Juan** 13:4–15 (D at T 88:138–139). Magpabinyag, at hugasan ang iyong mga kasalanan, **Gawa** 22:16 (Alma 7:14; D at T 39:10). Walang sino mang maliligtas maliban kung ang kanyang mga kasuotan ay nahugasang maputi, **Alma** 5:21 (3 Ne. 27:19). Ang kanilang mga kasuotan ay

nahugasang maputi sa pamamagitan ng dugo ni Cristo, **Alma** 13:11 (Eter 13:10). Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan sila ay maaaring mahugasan at malinis mula sa lahat ng kanilang kasalanan, **D at T** 76:52. Ang inyong pagpapahid ng langis at inyong mga paghuhugas ay inorden sa pamamagitan ng ordenansa sa aking banal na bahay, **D at T** 124:39–41.

**HUKOM, AKLAT NG MGA**

Isang aklat sa Lumang Tipan. Ang aklat ng mga Hukom ay may kaugnayan sa mga Israelita mula sa pagkamatay ni Josue hanggang sa pagsilang ni Samuel.

Ang mga kabanata 1–3 ay mga panimula sa buong aklat ng mga Hukom. Ipinaliliwanag ng mga yaon na dahil sa hindi itinaboy ng mga Israelita ang kanilang mga kaaway (Huk. 1:16–35), kailangang pagdusahan ng mga Israelita ang mga ibubunga nito, pagkawala ng pananampalataya, mga pagpapakasal sa mga hindi naniniwala, at pagsamba sa mga diyus-diyusan. Isinasalaysay sa mga kabanata 3–5 ang mga karanasan nina Debora at Barac, na siyang mga nagligtas sa Israel mula sa mga Canaanita. Ang mga kabanata 6–8 ay mga karanasan ni Gedeon na nakapagpapatibay ng pananampalataya, na siyang binasbasan ng Panginoon upang magligtas sa Israel mula sa mga Madianita. Sa mga kabanata 9–12, iba't ibang kalalakihan ang naglingkod bilang mga hukom sa Israel, na ang karamihan ay noong panahon ng lubusang pagtalikod sa katotohanan at sa ilalim ng pang-aapi. Nasasaad sa mga kabanata 13–16 ang tungkol sa pagbangon at pagbagsak ng huling hukom na si Samson. Ang mga huling kabanata, 17–21, ay maaaring mailarawan bilang isang apendise na nagbubunyag ng kalaliman ng mga kasalanan ng Israel.

**HULING ARAW, MGA.** *Tingnan din sa* Ikalawang Pagparito ni Jesucristo; Palatandaan ng Panahon, Mga

Ang panahon natin ngayon. Ang mga araw (o dispensasyon ng panahon) bago ang ikalawang pagparito ng Panginoon.

Isasalaysay ko sa inyo ang mangyayari sa inyo sa mga huling araw, **Gen.** 49:1. Ang Manunubos ay tatayo sa lupa sa huling araw, **Job** 19:25. Sa mga huling araw, matatayo ang bahay ng Panginoon, **Is.** 2:2. Sa mga huling araw ay darating ang mga panahong mapanganib, **2 Tim.** 3:1–7. Ang mga mangungutya sa huling araw ay magtatatwa sa Ikalawang Pagparito, **2 Ped.** 3:3–7. Iprinopropesiya ko sa inyo hinggil sa mga huling araw, **2 Ne.** 26:14–30. Sa ganito tatawagin ang aking simbahan sa mga huling araw, maging Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, **D at T** 115:4. Si Cristo ay paparito sa mga huling araw, **Moi.** 7:60.

**HULING HAPUNAN.** *Tingnan din sa* Paskua; Sakramento

Ayon sa Bagong Tipan, ang huling paghahapunan ni Jesus bago ng kanyang pagkadakip at pagkapako sa krus (Lu. 22:14–18). Kinain niya at ng kanyang Labindalawang Apostol ang hapunang ito sa panahon ng Paskua (Mat. 26:17–30; Mar. 14:12–18; Lu. 22:7–13).

Binasbasan ng Tagapagligtas ang tinapay at alak at ibinigay ang mga ito sa mga Apostol, **Mat.** 26:26–29 (Mar. 14:22–25; Lu. 22:7–20). Hinugasan ni Jesus ang mga paa ng mga Apostol, **Juan** 13. Si Judas ay kinilala bilang nagkanulo kay Jesus, **Juan** 13:21–26 (Mat. 26:20–25).

**HUMINGI.** *Tingnan din sa* Panalangin

Mag-usisa, magtanong, o magsumamo sa Diyos para sa isang natatanging pagpapala.

Humingi, at kayo'y bibigyan, **Mat.** 7:7. Kung nagkukulang ng karunungan ang sinuman sa inyo, bayaan siyang humingi sa Diyos, **Sant.** 1:5 (JS—K 1:7–20). Magtanong sa akin nang may pananampalataya, **1 Ne.** 15:11. Kung hindi ninyo nauunawaan ang mga salitang

ito, iyan ay dahil sa hindi kayo humihingi, **2 Ne.** 32:4. Humingi nang taos sa puso, **Mos.** 4:10. Ibinibigay ng Diyos sa inyo ang anumang inyong hinihiling na tama, nang may pananampalataya, **Mos.** 4:21. Itanong sa Diyos kung ang mga bagay na ito ay hindi totoo, **Moro.** 10:4. Kanilang mahal ang kadiliman kaysa sa liwanag; samakatwid, hindi sila hihiling sa akin, **D at T** 10:21. Kayo ay inuutusan sa lahat ng bagay na humingi sa Diyos, **D at T** 46:7.

**HUWAD NA PAGKASASERDOTE**

Mga taong nangangaral at nagpapanggap ng kanilang mga sarili na isang liwanag sa sanlibutan upang sila ay makinabang at papurihan ng sanlibutan; hindi nila hinahangad ang kapakanan ng Sion (2 Ne. 26:29).

Pangalagaan ninyo ang kawan ng Diyos, hindi sa mahalay na kapakinabangan, **1 Ped.** 5:2. Ang mga simbahang itinayo upang makinabang ay ibababa, **1 Ne.** 22:23 (Morm. 8:32–41). Dahil sa mga huwad na pagkasaserdote at mga kasamaan, si Jesus ay ipapako, **2 Ne.** 10:5. Kung ipatutupad ang huwad na pagkasaserdote sa mga taong ito, mangangahulugan ito ng lubusan nilang pagkalipol, **Alma** 1:12. Mapupuspos ang mga Gentil nang lahat ng uri ng mga huwad na pagkasaserdote, **3 Ne.** 16:10.

**HUWARAN**

Isang halimbawa na maaaring sundan ng isang tao upang makatamo ng tiyak na kahihinatnan. Sa mga banal na kasulatan, ang huwaran ay kadalasang nangangahulugan ng isang halimbawa para sa pamumuhay sa isang paraan o paggawa ng isang bagay.

Iniutos ng Panginoon kay Israel na gumawa ng isang tabernakulo alinsunod sa huwarang ipinakita kay Moises, **Ex.** 25. Ibinigay ni David kay Solomon ang huwaran ng paggawa ng templo, **1 Cron.** 28:11–13. Sa akin ay maaaring ipakita ni Jesucristo ang huwaran sa mga yaong maniniwala sa kanya, **1 Tim.** 1:16. Ako ay magbibigay sa inyo ng isang huwaran sa lahat ng bagay, nang hindi kayo malinlang, **D at T** 52:14.

**HYDE, ORSON**

Tinawag na kasapi ng unang Korum ng Labindalawang Apostol sa dispensasyong ito (D at T 68:1–3; 75:13; 102:3; 124:128–129). Isinagawa niya ang maraming misyon para sa Simbahan, kabilang ang pagtatalaga ng lupang banal noong 1841 para sa pagbabalik ng mga taong Judio.

**IKALAWANG KALAGAYAN.**
*Tingnan sa* Tiyak na Pagkamatay, May Kamatayan

**IKALAWANG PAGPARITO NI JESUCRISTO.** *Tingnan din sa* Armagedon; Gog; Jesucristo; Magog; Palatandaan ng Panahon, Mga

Sa simula ng Panahon ng Milenyo, si Cristo ay babalik sa mundo. Ang pangyayaring ito ang magtatakda ng katapusan ng pagsubok sa mundong ito. Ang masasama ay aalisin sa mundo at ang mabubuti ay isasama sa alapaap habang ang mundo ay nililinis. Samantalang walang taong ganap na nakaaalam kung kailan paparito si Cristo sa ikalawang pagkakataon, nagbigay siya sa atin ng mga palatandaan upang bantayan na magpapahiwatig na ang panahon ay nalalapit na (Mat. 24; JS—M 1).

Talastas ko na ang aking Manunubos ay tatayo sa lupa sa kahuli-hulihan, **Job** 19:25. Sa akin ay luluhod ang bawat tuhod, bawat dila ay susumpa, **Is.** 45:23 (D at T 88:104). Ang Anak ng Tao ay pumaritong nasa mga alapaap ng langit, **Dan.** 7:13 (Mat. 26:64; Lu. 21:25–28). Sila'y magsisitingin sa akin na kanilang tinarak, **Zac.** 12:10. Sasabihin ng isa, Ano ang mga sugat na ito sa iyong mga bisig? **Zac.** 13:6 (D at T 45:51). Sino ang makatatahan sa araw ng kanyang pagparito? siya'y parang apoy na mangdadalisay, **Mal.** 3:2 (3 Ne. 24:2; D at T 128:24). Ang Anak ng Tao ay papari-

tong nasa kaluwalhatian ng kanyang Ama, **Mat.** 16:27 (Mat. 25:31). Tungkol sa araw at oras na yaon walang nakaaalam, kundi ang aking Ama lamang, **Mat.** 24:26 (D at T 49:7; JS—M 1:38–48). Itong si Jesus ay paparitong gaya rin ng inyong nakitang pagparoon niya sa langit, **Gawa** 1:11. Ang Panginoon din ang bababa na mula sa langit, **1 Tes.** 4:16. Darating ang araw ng Panginoon na gaya ng magnanakaw sa gabi, **2 Ped.** 3:10. Pumaparito ang Panginoon na kasama ang kanyang mga laksa-laksang banal, **Jud.** 1:14. Pumaparito siyang nasasa mga alapaap; at makikita siya ng bawat mata, **Apoc.** 1:7. Si Jesus ay tatayo upang hatulan ang sanlibutan, **3 Ne.** 27:14–18. Maghanda kayo, maghanda kayo, sapagkat ang Panginoon ay nalalapit na, **D at T** 1:12. Aking ipakikita ang aking sarili mula sa langit sa kapangyarihan, at mananahanan sa mundo ng isanlibong taon, **D at T** 29:9–12. Itaas ang iyong tinig at mangaral ng pagsisisi, inihahanda ang daan ng Panginoon para sa kanyang ikalawang pagparito, **D at T** 34:5–12. Ako si Jesucristo, at ako ay biglang paroroon sa aking templo, **D at T** 36:8 (D at T 133:2). Nalalapit na ang araw na ako ay inyong makikita, at malalaman na ako nga, **D at T** 38:8. Siya na natatakot sa akin ay maghihintay sa mga tanda ng pagparito ng Anak ng Tao, **D at T** 45:39. Ang mukha ng Panginoon ay mahahawian ng tabing, **D at T** 88:95. Nalalapit na ang dakila at kakila-kilabot na araw ng Panginoon, **D at T** 110:16. Kapag ang Tagapagligtas ay magpapakita, atin siyang makikita nang siya rin, **D at T** 130:1. Ang Tagapagligtas ay tatayo sa gitna ng kanyang mga tao at maghahari, **D at T** 133:25. Sino ito na bumababa mula sa Diyos na nasa langit na may mga tininang kasuotan, **D at T** 133:46 (Is. 63:1).

**IKAPU.** *Tingnan din sa* Pag-aalay; Salapi

Ang ikasampung bahagi sa taunang kita ng isang tao na ibinibigay sa Panginoon sa pamamagitan ng Simbahan. Ang mga laang-salapi ng ikapu ay ginagamit sa pagpapatayo ng mga simbahan at templo, sa pagtutustos ng gawaing pangmisyonero, at sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos sa mundo.

Nagbigay ng ikapu si Abraham ng lahat ng kanyang ari-arian kay Melquisedec, **Gen.** 14:18–20 (Heb. 7:1–2, 9; Alma 13:15). Ang lahat ng ikapu ay sa Panginoon; ito ay banal sa Panginoon, **Lev.** 27:30–34. Tunay ngang magbibigay ka ng lahat ng iyong tubo, **Deut.** 14:22, 28. Dinala nila ang ikapu ng lahat ng bagay nang sagana, **2 Cron.** 31:5. Nanakawan ba ng tao ang Diyos? Sa ano namin kayo ninakawan? Sa mga ikapu at handog, **Mal.** 3:8–11 (3 Ne. 24:8–11). Siya na nagbibigay ng ikapu ay hindi masusunog sa kanyang pagparito, **D at T** 64:23 (D at T 85:3). Itatayo ang bahay ng Panginoon sa pamamagitan ng ikapu ng kanyang mga tao, **D at T** 97:11–12. Ipinahayag ng Panginoon ang batas ng ikapu, **D at T** 119. Ipamamahagi ang ikapu sa pamamagitan ng isang sanggunian, **D at T** 120.

**ILAW, LIWANAG NI CRISTO.** *Tingnan din sa* Budhi; Espiritu Santo; Katalinuhan, Mga Katalinuhan; Katotohanan; Jesucristo

Banal na lakas, kapangyarihan, o impluho na nanggagaling sa Diyos sa pamamagitan ni Cristo at nagbibigay ng buhay at ilaw sa lahat ng bagay. Ito ang batas kung saan ang lahat ng bagay ay pinamamahalaan sa langit at sa lupa (D at T 88:6–13). Tinutulungan din nito ang mga tao na maunawaan ang mga katotohanan ng ebanghelyo at tinutulungang ilagay sila sa daan ng ebanghelyo na naghahatid sa kaligtasan (Juan 3:19–21; 12:46; Alma 26:15; 32:35; D at T 93:28–29, 31–32, 40, 42).

Ang ilaw ni Cristo ay hindi dapat ipagkamali sa Espiritu Santo. Ang ilaw ni Cristo ay hindi tao. Ito ay isang impluho na nanggagaling sa Diyos at naghahanda sa isang tao na makatanggap ng Espiritu Santo. Ito ay isang implu-

ho para sa kabutihan sa buhay ng lahat ng tao (Juan 1:9; D at T 84:46–47).

Isang patunay na ang budhi ang ilaw ni Cristo, na tumutulong sa isang tao na pumili sa tama at mali (Moro. 7:16). Habang natututo ang tao tungkol sa ebanghelyo, ang kanilang budhi ay nagiging madaling makaramdam (Moro. 7:12–19). Ang mga taong nakikinig sa ilaw ni Cristo ay naaakay sa ebanghelyo ni Jesucristo (D at T 84:46–48).

Ang Panginoon ay aking liwanag, **Awit** 27:1. Tayo ay magsilakad sa liwanag ng Panginoon, **Is.** 2:5 (2 Ne. 12:5). Ang Panginoon ay magiging walang hanggang liwanag, **Is.** 60:19. Ang tunay na Ilaw ay lumiliwanag sa bawat tao na pumaparito sa daigdig, **Juan** 1:4–9 (Juan 3:19; D at T 6:21; 34:1–3). Ako ang ilaw ng sanlibutan, **Juan** 8:12 (Juan 9:5; D at T 11:28). Anuman ang maliwanag ay mabuti, **Alma** 32:35. Si Cristo ang liwanag at buhay ng sanlibutan, **Alma** 38:9 (3 Ne. 9:18; 11:11; Eter 4:12). Ang Espiritu ni Cristo ay ibinibigay sa lahat ng tao nang kanyang malaman ang mabuti sa masama, **Moro.** 7:15–19. Yaong sa Diyos ay liwanag, at lumiliwanag nang lumiliwanag hanggang sa ganap na araw **D at T** 50:24. Nagbibigay ng liwanag ang Espiritu sa bawat tao, **D at T** 84:45–48 (D at T 93:1–2). Siya na sumusunod sa kanyang mga kautusan ay tumatanggap ng liwanag at katotohanan, **D at T** 93:27–28. Ang liwanag at katotohanan ay tinatalikdan yaong sa masama, **D at T** 93:37.

**ILOG JORDAN**

Dumadaloy ang Ilog Jordan mula sa dagat ng Galilea patungo sa Dagat na Patay. Ang ilog ay 160 kilometro ang haba at binubuo ng ilang pinag-isang bukal na dumadaloy mula sa Bundok ng Hermon. Pinakamahalagang ilog ito sa Israel.

Ang dalawang mahahalagang pangyayari na may kaugnayan sa ilog na ito ay ang pagkakahati ng Panginoon ng ilog para sa pagtawid ng Israel (Jos. 3:14–17), at ang pagbibinyag kay Jesucristo (Mat. 3:13–17; 1 Ne. 10:9).

**IMBOT.** *Tingnan din sa* Inggit

Tulad ng pagkakagamit sa mga banal na kasulatan, ang imbot ay kainggitan ang isang tao o ang pagkakaroon ng masidhing pagnanasa sa isang bagay.

Huwag kang mag-imbot, **Ex.** 20:17 (Deut. 5:21; Mos. 13:24; D at T 19:25). Siya na namumuhi sa pagkaimbot ay nagpaparami ng kanyang mga araw, **Kaw.** 28:16. Sila ay nangag-imbot ng mga bukid at inangkin ang mga ito, **Mi.** 2:2. Mag-ingat sa pagkaimbot, **Lu.** 12:15. Sinasabi ng batas, Huwag kang mag-iimbot, **Rom.** 7:7. Sa mga huling araw, ang mga tao ay magiging mapag-imbot, **2 Tim.** 3:1–2. Nang makita ni Laban ang aming ari-arian, kanyang pinagnasaan ang mga iyon, **1 Ne.** 3:25. Huwag kang mag-iimbot sarili mong ari-arian, **D at T** 19:26. Tumigil sa pagiging mapag-imbot, **D at T** 88:123. Huwag pag-imbutan ang yaong sa inyong kapatid, **D at T** 136:20.

**IMORALIDAD.** *Tingnan sa* Kalinisang-puri; Mahalay, Kahalayan; Masama, Kasamaan; Seksuwal na Imoralidad

**IMPERYO NG ROMA.** *Tingnan din sa* Roma

Ang imperyo ng sinaunang Roma. Noong kapanahunan ng mga Apostol, ang Imperyo ng Roma ay isa sa pinakamakapangyarihan sa daigdig. Sinasakop nito ang lahat ng nasa pagitan ng Eufrates, ng Danube, ng Rhine, ng Atlantiko, at ng disyerto ng Sahara. Naging isang suking bansa ang Palestina noong 63 B.C., nang hinawakan ni Pompeius ang Jerusalem. Bagaman pinagkalooban ng mga Romano ng maraming pribilehiyo ang mga Judio, kinapootan ng mga Judio ang pamamahala ng mga Romano at nagpatuloy sila sa paghihimagsik.

Si Pablo, na isang mamamayang Romano, ay ginagamit ang Griyego, ang pinakakaraniwang wikang ginagamit ng imperyo, upang palaganapin ang ebanghelyo sa buong imperyo.

Ibigay kay Cesar ang mga bagay na para kay Cesar, **Mat.** 22:17–22. Hiningi ni Pablo ang kanyang mga karapatan bilang isang mamamayang Romano, **Gawa** 16:37–39 (Gawa 22:25–29).

**IMPIYERNO.** *Tingnan din sa* Anak na Lalaki ng Kapahamakan, Mga; Diyablo; Kapahamakan; Kamatayan, Espirituwal na

Binabanggit ng paghahayag sa huling araw ang tungkol sa impiyerno sa dalawang bagay lamang. Una, pansamantala itong tirahan sa daigdig ng mga espiritu para sa mga yaong hindi masunurin sa buhay na ito. Sa ganitong bagay, may katapusan ang impiyerno. Tuturuan ang mga espiritung naroon ng ebanghelyo, at balang araw kasunod ng kanilang pagsisisi, mabubuhay silang muli sa isang antas ng kaluwalhatian kung saan sila karapatdapat. Ang mga yaong hindi magsisisi, subalit gayunpaman ay hindi mga anak na lalaki ng kapahamakan, ay mananatili sa impiyerno sa buong Milenyo. Pagkatapos nitong isanlibong taon ng pagdurusa, mabubuhay silang muli sa kaluwalhatiang telestiyal (D at T 76:81–86; 88:100–101).

Pangalawa, palagian itong kalalagyan ng mga yaong hindi natubos ng pagbabayad-sala ni Jesucristo. Sa ganitong bagay, palagian ang impiyerno. Para ito sa mga yaong natagpuang "marumi pa rin" (D at T 88:35, 102). Ito ang pook kung saan si Satanas, ang kanyang mga anghel, at ang mga anak na lalaki ng kapahamakan—ang mga yaong ikinaila ang Anak matapos ipahayag siya ng Ama—ay mananahan magpakailanman (D at T 76:43–46).

Tinutukoy minsan ng mga banal na kasulatan ang impiyerno na labas na kadiliman.

Hindi iiwan sa impiyerno ang kaluluwa ni David, **Awit** 16:10 (Awit 86:13). Pumaroon sa impiyerno, sa yaong apoy na kailanman ay hindi maaapula, **Mar.** 9:43 (Mos. 2:38). Tumingala ang mayamang lalaki na nasa impiyerno, na nagdurusa, **Lu.** 16:22–23 (D at T 104:18). Pinalaya ng kamatayan at impiyerno ang mga patay, **Apoc.** 20:13. May lugar na inihanda, oo, maging yaong kakila-kilabot na impiyerno, **1 Ne.** 15:35. Ang kagustuhan ng laman ang nagbibigay sa espiritu ng diyablo ng kapangyarihan upang madala tayo pababa sa impiyerno, **2 Ne.** 2:29. Inihanda ni Cristo ang daan para sa ating kaligtasan mula sa kamatayan at impiyerno, **2 Ne.** 9:10–12. Patutungo ang mga yaong nananatili pa ring marumi sa walang hanggang pagdurusa, **2 Ne.** 9:16. Lilinlangin ng diyablo ang kanilang mga kaluluwa at maingat silang aakayin pababa sa impiyerno, **2 Ne.** 28:21. Tinubos ni Jesus ang aking kaluluwa mula sa impiyerno, **2 Ne.** 33:6. Magsitakas kayo mula sa mga pasakit ng impiyerno, **Jac.** 3:11. Ang makuhang bihag ng diyablo at maakay ng kanyang kagustuhan tungo sa pagkawasak ay mga tanikala ng impiyerno, **Alma** 12:11. Itatapon ang masasama sa labas na kadiliman hanggang sa panahon ng kanilang pagkabuhay na mag-uli, **Alma** 40:13–14. Higit na magiging kaaba-aba ang marurumi na manahanan kasama ang Diyos kaysa sa manahanan sa impiyerno, **Morm.** 9:4. Ang kaparusahan na ibibigay mula sa aking kamay ay walang katapusang kaparusahan, **D at T** 19:10–12. Ang impiyerno ang lugar na inihanda para sa diyablo at sa kanyang mga anghel, **D at T** 29:37–38. Ililigtas mula sa kamatayan at mga tanikala ng impiyerno ang mga yaong kinikilala ang Diyos, **D at T** 138:23.

**INA.** *Tingnan din sa* Eva; Mag-anak; Magulang, Mga

Isang banal na tawag na tumutukoy sa isang babaing nagsilang o nag-ampon ng mga bata. Tumutulong ang mga ina sa plano ng Diyos sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga katawang mortal sa mga espiritung anak ng Diyos.

Tinawag na Eva ni Adan ang kanyang asawa, sapagkat siya ang ina ng lahat ng nabubuhay, **Gen.** 3:20 (Moi. 4:26). Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina, **Ex.** 20:12 (Ef. 6:1–3; Mos. 13:20). Hu-

wag pabayaan ang kautusan ng iyong ina, **Kaw.** 1:8. Hinahamak ng mangmang ang kanyang ina, **Kaw.** 15:20 (Kaw. 10:1). Huwag mong hamakin ang iyong ina kung siya'y matanda na, **Kaw.** 23:22. Nagsisibangon ang kanyang mga anak at asawa at tinatawag siyang pinagpala at pinupuri siya ng kanyang asawa, **Kaw.** 31:28. Ang ina ni Jesus ay nakatayo sa malapit sa krus, **Juan** 19:25–27. Ang dalawang libong mandirigmang Lamanita ay tinuruan ng kanilang mga ina, **Alma** 56:47 (Alma 57:21). Ang ating maluwalhating Inang si Eva ay kabilang sa mga dakila at makapangyarihan na tinagubilinan ng Panginoon sa daigdig ng mga espiritu, **D at T** 138:38–39.

**INGGIT.** *Tingnan din sa* Imbot; Paninibugho, Naninibugho

Ayon sa banal na kasulatan, ang paghahangad sa isang bagay na pag-aari ng iba ay mali.

Ang mga patriyarka, sa udyok ng kainggitan, ay ipinagbili si Jose sa Egipto, **Gawa** 7:9. Ang pag-ibig sa kapwa-tao ay hindi naiinggit, **1 Cor.** 13:4 (Moro. 7:45). Ang inggit ay nagbubuhat sa kapalaluan, **1 Tim.** 6:4. Kung nasaan ang inggit, doon ay may kaguluhan at lahat ng masasamang gawa, **Sant.** 3:16. Ang Panginoon ay nag-utos sa mga tao na hindi sila dapat mainggit, **2 Ne.** 26:32. Walang pag-iinggitan sa mga tao ni Nephi, **4 Ne.** 1:15–18. Ang pagkainggit at pagkapoot ng tao sa akin ay naging pangkaraniwang bagay sa buong panahon ng aking buhay, **D at T** 127:2.

**INSPIRASYON.** *Tingnan din sa* Espiritu Santo; Paghahayag

Banal na pamamatnubay na ibinigay sa tao ng Diyos. Madalas magmula ang inspirasyon sa pamamagitan ng Espiritu sa maraming paraan patungo sa isip o puso ng isang tao.

Pagkatapos ng apoy nangusap ang isang banayad na tinig, **1 Hari** 19:12. Ituturo ng Espiritu Santo sa inyo ang lahat ng bagay at dadalhin sa inyong alaala ang lahat ng bagay, **Juan** 14:26. Papatnubayan kayo ng Espiritu ng katotohanan patungo sa lahat ng katotohanan, **Juan** 16:13. Ako ay pinatnubayan ng Espiritu, nang sa simula ay hindi pa nalalaman ang mga bagay na nararapat kong gawin, **1 Ne.** 4:6. Ang tinig ng Panginoon ay sumaisip ko, **Enos** 1:10. Ang lahat ng bagay na nag-aanyaya at nangaakit na gumawa ng mabuti ay binigyan-inspirasyon ng Diyos, **Moro.** 7:13–16. Hindi nga ba't ako ay nangusap ng kapayapaan sa iyong isipan? **D at T** 6:23. Sasabihin ko sa iyo sa iyong isipan at sa iyong puso, **D at T** 8:2. Paliliwanagin ng aking Espiritu ang iyong isipan, na magpupuspos ng kagalakan sa iyong kaluluwa, **D at T** 11:13. Ito ay ibibigay sa iyo sa sandaling yaon kung ano ang iyong sasabihin o isusulat, **D at T** 24:6 (D at T 84:85). Ang marahan at banayad na tinig ay bumubulong at tumatagos sa lahat ng bagay, **D at T** 85:6.

**ISA.** *Tingnan sa* Diyos, Panguluhang Diyos; Pagkakaisa

**ISAAC.** *Tingnan din sa* Abraham

Isang patriyarka sa Lumang Tipan. Ang kanyang pagsilang kina Abraham at Sarai sa kanilang katandaan ay isang himala (Gen. 15:4–6; 17:15–21; 21:1–8). Ang pagiging handa ni Abraham na iaalay si Isaac ay isang kahalintulad ng Diyos at ng kanyang Bugtong na Anak (Jac. 4:5). Tagapagmana si Isaac sa mga pangako ng tipang ibinigay kay Abraham (Gen. 21:9–12; 1 Ne. 17:40; D at T 27:10).

Isinilang si Isaac, **Gen.** 21:1–7. Ihahain sa bundok ng Moria, **Gen.** 22:1–19 (D at T 101:4). Ikinasal, **Gen.** 24. Nanahanan sa kanyang mga anak, **Gen.** 27:1–28:9. Tumanggap ng kadakilaan kasama sina Abraham at Jacob, **D at T** 132:37 (Mat. 8:11).

**ISAIAS**

Isang propeta sa Lumang Tipan na nagpropesiya mula 740–701 B.C. Bilang punong tagapagpayo ni Haring Hezekias, may malakas na impluho si Isaias sa relihiyon at pulitika.

Binanggit ni Jesus si Isaias ng maraming ulit kaysa sa pagbanggit sa iba pang propeta. Madalas ding banggitin si Isaias nina Pedro, Juan, at Pablo sa Bagong Tipan. Naglalaman ang Aklat ni Mormon at ang Doktrina at mga Tipan ng maraming sipi mula sa Isaias kaysa sa ibang mga propeta at naglalaan ng labis na tulong sa pagpapaliwanag ng Isaias. Tinuruan ni Nephi ang kanyang mga tao mula sa mga isinulat ni Isaias (2 Ne. 12–24; Is. 2–14). Sinabi ng Panginoon sa mga Nephita na "dakila ang mga salita ni Isaias" at ang lahat ng bagay na ipinopropesiya ni Isaias ay matutupad (3 Ne. 23:1–3).

*Ang aklat ni Isaias:* Isang aklat sa Lumang Tipan. Nauugnay ang maraming propesiya ni Isaias sa pagparito ng Manunubos, kapwa sa kanyang pagmiministeryo sa mundo (Is. 9:6) at bilang Dakilang Hari sa huling araw (Is. 63). Marami rin siyang ipinopropesiya hinggil sa darating na panahon ng Israel.

Ang kabanata 1 ay isang paunang salita sa iba pang bahagi ng aklat. Ipinauna ang misyon ng Tagapagligtas sa Isaias 7:14; 9:6–7; 11:1–5; 53:1–12; at 61:1–3. Ang mga kabanata 2, 11, 12, at 35 ay may kaugnayan sa mga pangyayari sa mga huling araw, kapag napanumbalik na ang ebanghelyo, titipunin ang Israel, at mamumulaklak ang nanunuyong lupa katulad ng rosas. Naglalaman ang kabanata 29 ng propesiya sa paglabas ng Aklat ni Mormon (2 Ne. 27). Inihahahayag sa mga kabanata 40–46 ang kahigtan ni Jehova bilang tunay na Diyos sa mga diyusdiyusan ng mga sumasambang pagano. Nauugnay ang mga natitirang kabanata 47–66, sa mga pangyayari sa kahulihulihang panunumbalik ng Israel at ang pagtatatag ng Sion, na kasamang mananahanan ang Panginoon sa kanyang mga tao.

**ISILANG NA MULI, ISINILANG SA DIYOS.** *Tingnan din sa* Anak na Lalaki at Babae ng Diyos, Mga; Isinilang; Anak ni Cristo, Mga; Likas na Tao; Pagbabalik-loob, Nagbalik-loob; Pagbibinyag, Binyagan

Ang matanggap ang Espiritu ng Panginoon ay nagdudulot ng malaking pagbabago sa puso ng isang tao kung kaya't nawawalan siya ng pagnanais na gumawa ng masama, sa halip ay nagnanais na hanapin ang mga bagay ng Diyos.

Pagkakalooban ko sila ng panibagong diwa, **Ez.** 11:19 (Ez. 18:31; 36:26). Yaong mga naniwala sa pangalan ni Cristo ay isinilang, hindi ng dugo, kundi ng Diyos, **Juan** 1:12–13. Maliban na ang tao'y ipanganak na muli, ay hindi siya makakikita ng kaharian ng Diyos, **Juan** 3:3–7. Tayo ay maaaring isilang na muli sa pamamagitan ng salita ng Diyos, **1 Ped.** 1:3–23. Sinuman ang isinilang ng Diyos ay hindi nagpapatuloy sa kasalanan, **PJS, 1 Juan** 3:9. Sinuman ang isinilang ng Diyos ay dumadaig sa sanlibutan, **1 Juan** 5:4. Yaong mga isinisilang kay Cristo ay nakikipagtipan sa Diyos, **Mos.** 3:19; 5:2–7. Lahat ng tao ay kinakailangang isilang na muli; oo, isinilang sa Diyos, **Mos.** 27:25–26 (Alma 5:49). Kayo ba ay espirituwal na isinilang sa Diyos? **Alma** 5:12–19. Kung kayo ay hindi isisilang na muli, ay hindi ninyo maaaring manahin ang kaharian ng langit, **Alma** 7:14. Sinuman ang naniniwala sa aking mga salita ay isisilang sa akin, maging ng sa tubig at ng Espiritu, **D at T** 5:16. Kayo ay kinakailangang isilang na muli sa kaharian ng langit, **Moi.** 6:59.

**ISINILANG.** *Tingnan din sa* Anak na Lalaki at Babae ng Diyos, Mga; Anak ni Cristo, Mga; Bugtong na Anak; Isilang na Muli, Isinilang sa Diyos

Ang ipanganak. Ang magsilang ay manganak, ang tumulong sa paglikha, o ang maging tao. Sa mga banal na kasulatan, kadalasang ginagamit ang mga salitang ito upang ipakahulugan ang pagiging isinilang sa Diyos. Bagaman si Jesucristo ang tanging anak na isini-

lang sa Ama sa buhay na ito, ang lahat ng tao ay maaaring espirituwal na isilang kay Cristo sa pamamagitan ng pagtanggap sa kanya, pagsunod sa kanyang mga kautusan, at pagiging bagong tao sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

Sa araw na ito ay isinilang kita, **Awit** 2:7 (Gawa 13:33; Heb. 1:5–6; 5:5). Ang kanyang kaluwalhatian ay gaya ng bugtong na Anak ng Ama, **Juan** 1:14 (2 Ne. 25:12; Alma 12:33–34; D at T 76:23). Gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak, **Juan** 3:16 (D at T 20:21). Espirituwal na isinilang kay Cristo ang kanyang mga tao, **Mos.** 5:7. Yaong mga isinilang sa pamamagitan ng Panginoon ang siyang Simbahan ng Panganay, **D at T** 93:22.

**ISIPAN**

Mga kakayahan ng pag-iisip; gising na kapangyarihan ng pag-iisip.

Paglingkuran siya nang may sakdal na puso at kusang pag-iisip, **1 Cron.** 28:9. Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos ng buong pag-iisip mo, **Mat.** 22:37. Ang maging mahalay sa kaisipan ay kamatayan; at ang maging espirituwal sa kaisipan ay buhay na walang hanggan, **2 Ne.** 9:39. Ang tinig ng Panginoon ay sumaisip ko, **Enos** 1:10. Ang salita ay higit na malakas ang bisa sa isipan ng mga tao kaysa sa espada, **Alma** 31:5. Sasabihin ko sa iyo sa iyong isipan, **D at T** 8:2. Pag-aralan ito sa iyong isipan, **D at T** 9:8. Hayaang ang mga kataimtiman ng kawalang-hanggan ay manatili sa inyong isipan, **D at T** 43:34. Ang inyong mga isipan sa mga nakaraang panahon ay naging madilim, **D at T** 84:54. Magpahinga sa inyong higaan nang maaga, gumising nang maaga upang ang inyong mga katawan at isipan ay mabigyang-lakas, **D at T** 88:124. Hindi alam ni Satanas ang isipan ng Diyos, **Moi.** 4:6. Tinawag ng Panginoon ang kanyang mga tao na Sion, sapagkat sila ay may isang puso at isang isipan, **Moi.** 7:18.

**ISMAEL, ANAK NI ABRAHAM.** *Tingnan din sa* Abraham; Agar

Sa Lumang Tipan, anak nina Abraham at Agar, ang taga-Egiptong utusan ni Sara (Gen. 16:11–16). Nangako ang Panginoon kapwa kina Abraham at Agar na si Ismael ay magiging ama ng isang malakas na bansa (Gen. 21:8–21).

Nagmula ang tipan sa pamamagitan ni Isaac kaysa kay Ismael, **Gen.** 17:19–21 (Gal. 4:22–5:1). Binasbasan ng Diyos si Ismael na siya ay magkakaanak ng marami, **Gen.** 17:20. Tumulong si Ismael sa paglilibing kay Abraham, **Gen.** 25:8–9. Ibinigay ang mga pangalan ng labindalawang anak na lalaki ni Ismael, **Gen.** 25:12–16. Namatay si Ismael, **Gen.** 25:17–18. Kinuha ni Esau ang anak na babae ni Ismael, na si Mahaleth, upang kanyang maging asawa, **Gen.** 28:9.

**ISMAEL, BIYANANG LALAKI NI NEPHI.** *Tingnan din sa* Lehi, Ama ni Nephi

Isang lalaki sa Aklat ni Mormon na, kasama ang kanyang mag-anak, sumama sa mag-anak ni Lehi sa kanilang paglalakbay patungo sa lupang pangako.

Bumalik si Nephi at ang kanyang mga kapatid sa Jerusalem at hinikayat si Ismael at ang kanyang mag-anak na sumama kay Lehi at sa kanyang mag-anak patungo sa lupang pangako, **1 Ne.** 7:2–5. Nangagkapangasawahan ang dalawang mag-anak, **1 Ne.** 16:7. Namatay si Ismael sa ilang, **1 Ne.** 16:34.

**ISRAEL.** *Tingnan din sa* Abraham—Ang binhi ni Abraham; Jacob, Anak ni Isaac; Pagkupkop

Ibinigay ng Panginoon ang pangalang Israel kay Jacob, ang anak ni Isaac at apo ni Abraham sa Lumang Tipan (Gen. 32:28; 35:10). Ang pangalang Israel ay maaaring tumukoy kay Jacob, sa kanyang mga inapo, o sa kaharian na minsan ay inari ng mga yaong inapo sa panahon ng Lumang Tipan (2 Sam. 1:24; 23:3). Pagkatapos akayin ni Moises ang mga anak ni Israel palabas sa pagkaalipin ng Egipto (Ex. 3–14), pina-

mahalaan sila ng mga hukom ng mahigit tatlong daang taon. Simula kay Haring Saul, pinamahalaan ng mga hari ang pinag-isang Israel hanggang sa kamatayan ni Solomon, nang maghimagsik ang sampung lipi mula kay Rehoboam upang bumuo ng isang hiwalay na bansa. Pagkatapos na mahati ang kaharian ng Israel, ang kahilagaang mga lipi, bilang may malaking bahagi, ay pinanatili ang pangalang Israel, samantalang ang katimugang kaharian ay tinawag na Juda. Tinatawag ding Israel ngayon ang lupain ng Canaan. Sa ibang pakahulugan, ang ibig sabihin ng Israel ay isang tunay na sumasampalataya kay Cristo (Rom. 10:1; 11:7; Gal. 6:16; Ef. 2:12).

*Ang labindalawang lipi ni Israel:* Ang apo ni Abraham na si Jacob, na ang pangalan ay pinalitang Israel, ay may labindalawang anak. Nakilala ang kanilang mga inapo bilang labindalawang lipi ni Israel o ang mga anak ni Israel. Ito ang labindalawang lipi: Ruben, Simeon, Levi, Juda, Issachar, at Zebulun (ang mga anak nina Jacob at Lea); Dan at Nephtali (ang mga anak nina Jacob at Bilha); Gad at Aser (mga anak nina Jacob at Zilpa); Jose at Benjamin (mga anak nina Jacob at Raquel) (Gen. 29:32–30:24; 35:16–18).

Binigyan ni Jacob ang bawat pinuno ng lipi ng isang pagbabasbas bago siya namatay (Gen. 49:1–28). Para sa iba pang kaalaman, tingnan ang pangalan ng bawat anak ni Jacob.

Si Ruben, ang panganay na anak ni Jacob sa kanyang unang asawang si Lea, nawala sa kanya ang basbas ng pagkapanganay at dalawang bahagi ng mamanahin dahil sa kanyang imoralidad (Gen. 49:3–4). Ang pagkapanganay ngayon ay napasa kay Jose, na anak na panganay ni Jacob sa kanyang pangalawang asawang si Raquel (1 Cron. 5:1–2). Si Levi, ang lipi na pinili ng Panginoon upang maglingkod bilang kanyang mga sugo ng pagkasaserdote, ay hindi nakatanggap ng pamana dahil sa kanilang natatanging tungkulin na maglingkod sa lahat ng lipi. Ito ang nagpahintulot upang ang dobleng bahagi ay mapaghatian ng dalawang anak ni Jose, na sina Ephraim at Manases (1 Cron. 5:1; Jer. 31:9), na ibinilang na magkahiwalay na lipi ni Israel (PJS, Gen. 48:5–6).

Mamumuno ang mga kasapi ng lipi ni Juda hanggang sa pagparito ng Mesiyas (Gen. 49:10; PJS, Gen. 50:24). May pribilehiyo sa mga huling araw ang lipi ni Ephraim na dalhin ang pahatid ng pinanumbalik na ebanghelyo sa daigdig at ang pagtitipon ng nakalat na Israel (Deut. 33:13–17). Darating ang panahon na sa pamamagitan ng ebanghelyo ni Jesucristo, magkakaroon ng tungkulin sa pamumuno ang Ephraim sa pagsasama-sama ng lahat ng lipi ni Israel (Is. 11:12–13; D at T 133:26–34).

*Ang pagkalat ng Israel:* Ikinalat ng Panginoon at pinahirapan ang labindalawang lipi ni Israel dahil sa kanilang kasamaan at paghihimagsik. Gayunpaman, ginamit din ng Panginoon itong pagkalat ng kanyang mga piniling tao sa mga bansa ng daigdig upang pagpalain ang mga yaong bansa.

Ikakalat ko kayo sa mga di binyagan, **Lev.** 26:33. Ikakalat kayo ng Panginoon sa lahat ng tao, **Deut.** 28:25, 37, 64. Ililigtas ko sila upang maialis sa lahat ng kaharian ng mundo, **Jer.** 29:18–19. Sasalain ko ang sambahayan ni Israel sa gitna ng buong bansa, **Amos** 9:9 (Zac. 10:9). Isinugo si Jesus sa mga nawawalang tupa ng sambahayan ni Israel, **Mat.** 15:24. Mayroon akong ibang mga tupa na wala sa kawang ito, **Juan** 10:16. Ikakalat ang Israel sa ibabaw ng buong mundo, **1 Ne.** 22:3–8. Ipinahayag ni Jacob ang talinghaga ni Zenos ng mga likas at ligaw na punong olibo, **Jac.** 5–6. Magsisimula ang gawain ng ama sa mga liping nawala, **3 Ne.** 21:26.

*Ang pagtitipon ng Israel:* Sama-samang titipunin ang sambahayan ni Israel sa mga huling araw bago pumarito si Cristo (S ng P 1:10). Tinitipon ng Panginoon ang mga taong Israel kapag

siya ay tinatanggap nila at sinusunod ang kanyang mga kautusan.

Magtataas siya ng isang sagisag at sila ay paroroon, **Is.** 5:26. Titipunin ko kayo nang may malaking awa, **Is.** 54:7. Titipunin ang Israel at Juda sa kanilang sariling lupain, **Jer.** 30:3. Titipunin ng Panginoon ang sambahayan ni Israel mula sa mga tao kung kanino sila ay nakalat, **Ez.** 28:25. Sa dispensasyon ng kaganapan ng panahon titipunin niya sa isa ang lahat ng bagay kay Cristo, **Ef.** 1:10. Matapos maikalat ang Israel, titipunin sila, **1 Ne.** 15:12–17. Titipunin ng Panginoon ang lahat ng tao ng sambahayan ni Israel, **1 Ne.** 19:16 (3 Ne. 16:5). Ilalabas sila mula sa kadiliman at makikilala na ang Panginoon ang kanilang Tagapagligtas, **1 Ne.** 22:12. Tinitipon at binibilang ng Diyos ang kanyang mga anak, **1 Ne.** 22:25. Dadalhin ng mga bansa ng mga Gentil ang Israel patungo sa lupaing kanilang pamana, **2 Ne.** 10:8 (3 Ne. 16:4). Magtitipon ang aking mga tao at ang aking salita sa isa, **2 Ne.** 29:13–14. Tinawag ang mga elder upang tipunin ang mga hinirang, **D at T** 29:7 (D at T 39:11). Titipunin ko ang aking mga hinirang, **D at T** 33:6. Magtipon nang sa gayon ay maibigay ko ang aking batas at upang mabigyan ka ng kapangyarihan, **D at T** 38:31–33. Panunumbalikin ko ang aking mga tao, na mula sa sambahayan ni Israel, **D at T** 39:11. Paroroon ang mga banal, **D at T** 45:46. Ipinagkaloob ni Moises ang mga susi ng pagtitipon, **D at T** 110:11. Inabot ng kabutihan at katotohanan ang mundo at titipunin ang mga hinirang ng Panginoon, **Moi.** 7:62. Ang pagtitipon ay inihambing sa pagtitipon ng mga buwitre sa isang bangkay, **JS—M** 1:27.

*Ang sampung nawawalang lipi ni Israel:* Binubuo ng sampung lipi ni Israel ang hilagang kaharian ng Israel at dinalang bihag patungo sa Asiria noong 721 B.C. Sa panahong yaon nagtungo sila sa "mga bansa sa kahilagaan" at nawala sa kaalaman ng iba. Babalik sila sa mga huling araw.

Sasabihin ko sa kahilagaan, Hayaan mo, **Is.** 43:6. Manggagaling ang mga ito sa kahilagaan, **Is.** 49:12 (1 Ne. 21:12). Magkasamang lalabas ang Juda at Israel sa lupaing kahilagaan, **Jer.** 3:18. Buhay ang Panginoon na nagdala sa mga anak ni Israel mula sa lupain ng kahilagaan, **Jer.** 16:14–16. Dadalhin ko sila mula sa bansang pahilaga, **Jer.** 31:8. Makakamtan ng mga Nephita at ng mga Judio ang mga salita ng mga nawawalang lipi ni Israel, **2 Ne.** 29:12–13. Ako ay paroroon upang ipakita ang aking sarili sa mga nawawalang lipi ni Israel, **3 Ne.** 17:4. Kapag ang ebanghelyo ay naipangaral sa mga labi ng sambahayan ni Israel, ang mga nawawalang lipi ay titipuning pauwi sa lupaing kanilang pamana, **3 Ne.** 21:26–29. Ipinagkaloob ni Moises ang mga susi ng pagtitipon ng Israel kina Joseph Smith at Oliver Cowdery, **D at T** 110:11. Makaaalaala ang mga yaong nasa mga hilagang bansa sa harapan ng Panginoon, **D at T** 133:26–32. Naniniwala kami sa literal na pagtitipon ng Israel, **S ng P** 1:10.

**ISSACHAR.** *Tingnan din sa* Israel; Jacob, Anak ni Isaac

Ang anak nina Jacob at Lea sa Lumang Tipan (Gen. 30:17–18; 35:23; 46:13). Ang kanyang mga inapo ay naging isa sa mga lipi ni Israel.

*Ang lipi ni Issachar:* Matatagpuan ang pagbabasbas ni Jacob kay Issachar sa Gen. 49:14–15. Matapos manirahan sa Canaan, nakatanggap ang lipi ng ilan sa pinakamayamang lupa ng Palestina, kasama ang kapatagan ng Esdraelon. Sa loob ng mga hangganan ni Issachar ay ilang mahahalagang pook sa kasaysayan ng mga Judio, halimbawa, Carmelo, Megiddo, Dotan, Gilboa, Izreel, Tabor, at Nazaret (Jos. 19:17–23).

**ISTAKA**

Isa sa samahan at pinamamahalaang yunit ng Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang isang istaka ay binubuo ng maraming purok o sangay. Kadalasan, ito'y may mga inilagay na heograpiyang hangganan at tumutulad sa larawan ng toldang inila-

rawan sa Isaias 54:2: "Habaan mo ang iyong mga lubid, at patibayin mo ang iyong mga istaka." Ang bawat istaka ng Sion ay umaalalay at tumutulong sa pagtaguyod sa Simbahan sa pamamaraan na ang isang tolda o tabernakulo ay itinataguyod ng mga istaka nito. Ang istaka ang pook ng pagtitipun-tipon para sa mga labi ng nakakalat na Israelita (D at T 82:13–14; 101:17–21).

Palakasin mo ang iyong mga istaka at palawakin ang iyong mga hangganan, **Moro.** 10:31 (D at T 82:14). Magtakda sa Sion ng iba pang mga istaka maliban sa isang ito, **D at T** 109:59. Ang pagtitipon sa lupain ng Sion, at sa kanyang mga istaka ay maaaring maging isang panangggol, **D at T** 115:6 (D at T 101:21). Ilaan ang ibang mga lugar para maging mga istaka, **D at T** 115:18. Nagtalaga ng mga mataas na saserdote na pangulo ng korum upang maging karapat-dapat sila na mga itatalagang pangulo ng istaka, **D at T** 124:133–134. Magtungo kayo sa lupain ng Sion, upang mapalakas ang kanyang mga istaka, **D at T** 133:9.

**JACKSON COUNTY, MISSOURI (USA).** *Tingnan din sa* Bagong Jerusalem

Ang pook na pagtitipunan ng mga Banal sa mga huling araw, iyon nga, ang gitnang lugar kung saan itatatag nila ang Bagong Jerusalem (D at T 57–58; 82; 101:69–71; 105:28).

**JACOB, ANAK NI ISAAC.** *Tingnan din sa* Esau; Isaac; Israel

Isang patriyarka at propeta ng Lumang Tipan; ang nakababata sa kambal na anak nina Isaac at Rebeca (Gen. 25:19–26). Natamo ni Jacob ang pagkapanganay sa kanyang kapatid na si Esau. Dahil ito sa pagiging karapat-dapat ni Jacob at pagpapakasal sa loob ng tipan, samantalang minaliit ni Esau ang kanyang pagkapanganay at nagpakasal sa labas ng tipan (Gen. 25:30–34; 26:34–35; 27; 28:6–9; Heb. 12:16).

Napag-alaman ni Rebeca mula sa Panginoon na maglilingkod si Esau kay Jacob, **Gen.** 25:23. Binili ang pagkapanganay kay Esau, **Gen.** 25:29–34. Nakapanaginip ng isang hagdanan patungo sa langit, **Gen.** 28. Pinakasalan sina Lea at Raquel, **Gen.** 29:1–30. Nagkaroon ng labindalawang anak na lalaki at isang anak na babae, **Gen.** 29:31–30:24; 35:16–20. Pinakasalan sina Bilha at Zilpa, **Gen.** 30:3–4, 9. Pinalitan ang pangalan ng Israel, **Gen.** 32:28. Nakita ang Diyos nang harapan, **Gen.** 32:30. Itinangi si Jose, **Gen.** 37:3. Nagtungo sa Egipto kasama ang kanyang mag-anak, **Gen.** 46:1–7. Binasbasan ang kanyang mga anak at ang kanilang mga angkan, **Gen.** 49. Namatay, **Gen.** 49:33. Sinunod ang mga kautusan at sa ngayon ay dinakila sa trono ng langit, kasama sina Abraham at Isaac, **D at T** 132:37.

**JACOB, ANAK NI LEHI.** *Tingnan din sa* Lehi, Ama ni Nephi

Isang propeta sa Aklat ni Mormon at ang sumulat ng ilang pangaral sa mga aklat ng 2 Nephi at Jacob (2 Ne. 6–11; Jac. 1–7).

*Ang aklat ni Jacob:* Ang pangatlong aklat sa Aklat ni Mormon. Nasasaad sa kabanata 1 na ibinigay ni Nephi ang mga talaan kay Jacob at pagkatapos itinalaga si Jacob at ang kanyang kapatid na si Jose upang maging mga saserdote at guro sa mga tao. Ang mga kabanata 2–4 ay mga pangaral na pinaaalalahanan ang mga tao na maging malinis sa moralidad. Nagturo rin si Jacob ng hinggil sa pagparito ng isang mapagtubos na Mesiyas, at nagbigay siya ng mga kadahilanan kung bakit hindi siya tatanggapin ng ilan sa Israel sa kanyang pagparito. Naglalaman ang mga kabanata 5–6 ng patotoo ni Jacob at ng isang talinghagang nagpropesiya sa kasaysayan at misyon ng mga tao ng Israel. Naglalaman ang kabanata 7 ng isang ulat ng isang marunong na taong mapanghimagsik na nagngangalang Serem, na nadaig ng banal na patotoo ni Jacob.

**JAPHET.** *Tingnan din sa* Noe, Patriyarka sa Biblia

Ang pinakamatandang anak ni Noe,

isang propeta sa Lumang Tipan (Moi. 8:12).

Isinilang kay Noe si Japhet, **Gen.** 5:32 (Gen. 6:10; Moi. 8:12). Pumasok si Japhet at ang kanyang asawa sa arka ni Noe, **Gen.** 7:13. Lumabas si Japhet sa arka, **Gen.** 9:18. Pararamihin ng Diyos ang lahi ni Japhet, **Gen.** 9:27.

**JARED.** *Tingnan din sa* Jared, Kapatid ni; Jaredita, Mga

Isang pinuno sa Aklat ni Mormon na, kasama ang kanyang kapatid, pinamunuan ang isang pangkat ng tao mula sa Tore ng Babel patungo sa lupang pangako sa pakanlurang bahagi ng mundo (Eter 1:33–2:1).

Hiniling ni Jared sa kanyang kapatid na magdasal upang hindi lituhin ng Panginoon ang wika ng kanilang maganak at mga kaibigan, **Eter** 1:34–37. Naglakbay sa dagat at nanahanan doon ng apat na taon, **Eter** 2:13. Naglayag patungo sa lupang pangako, **Eter** 6:4–12.

**JARED, KAPATID NI.** *Tingnan din sa* Jared; Jaredita, Mga

Isang propeta sa Aklat ni Mormon. Itinatag niya at ng kanyang kapatid ang bansang Jaredita nang pamunuan nila ang isang pangkat ng mga tao mula sa Tore ng Babel patungo sa lupang pangako sa pakanlurang bahagi ng mundo (Eter 1–6). Siya ay isang lalaking may malaking pananampalataya kaya nakausap niya ang Panginoon nang harapan (D at T 17:1). Nakatala ang kanyang kuwento sa aklat ni Eter.

Ang kapatid ni Jared ay isang malaki at malakas na lalaki, at labis na pinagpala ng Panginoon, **Eter** 1:34. Dahil sa kanyang pananampalataya, nakita ng kapatid ni Jared ang daliri ng Panginoon, **Eter** 3:6–9 (Eter 12:20). Ipinakita ni Cristo ang kanyang katawang espiritu sa kapatid ni Jared, **Eter** 3:13–20. Wala nang mas hihigit pa sa mga bagay na ipinaalam kaysa sa mga yaong ipinaalam sa kapatid ni Jared, **Eter** 4:4. Binalaan ng kapatid ni Jared ang kanyang mga tao laban sa monarkiya, **Eter** 6:22–23. Ipinakita ng Panginoon ang lahat ng bagay sa kapatid ni Jared, **Eter** 12:21. Mahusay sa pagsulat ang kapatid ni Jared, **Eter** 12:24. Natinag sa pamamagitan ng pananampalataya ng kapatid ni Jared ang bundok ng Zerin, **Eter** 12:30.

**JAREDITA, MGA.** *Tingnan din sa* Aklat ni Mormon; Jared; Jared, Kapatid ni

Mga tao sa Aklat ni Mormon na mga inapo ni Jared, ng kanyang kapatid, at ng kanilang mga kaibigan (Eter 1:33–41). Ginabayan sila ng Diyos mula sa Tore ng Babel patungo sa Amerika, ang lupang pangako (Eter 1:42–43; 2–3; 6:1–18). Kahit na minsan ang kanilang bansa ay nagkaroon ng milyunmilyong tao, nalipol silang lahat ng digmaang sibil na dala ng kasamaan (Eter 14–15).

**JAROM**

Sa Aklat ni Mormon, ang anak ni Enos at kaapu-apuhan ni Lehi. Iningatan niya ang mga talaan ng mga Nephita sa loob ng animnapung taon, 420–361 B.C. (Enos 1:25; Jar. 1:13). Siya ay isang matapat na lalaki na piniling hindi magsulat ng marami sa talaang pangkasaysayan (Jar. 1:2).

*Ang aklat ni Jarom:* Mayroon lamang labinlimang talata ang aklat na ito sa Aklat ni Mormon. Itinala ni Jarom na patuloy ang mga Nephita sa pagsunod sa mga batas ni Moises at umaasa sa pagparito ni Cristo. Pinamunuan sila ng mga hari na mga makapangyarihang lalaki sa pananampalataya. Umuunlad sila kapag pinakikinggan nila ang kanilang mga propeta, saserdote, at guro.

**JEHOVA.** *Tingnan din sa* Ako; Jesucristo

Ang tipan o tanging pangalan ng Diyos ng Israel. Nangangahulugan ito ng "ang walang hanggang AKO" (Ex. 3:14; Juan 8:58). Si Jehova ay si Jesucristo sa buhay bago pa ang buhay na ito at isinilang sa mundo bilang anak ni Maria

(Mos. 3:8; 15:1; 3 Ne. 15:1–5). Kadalasan, kapag lumalabas ang salitang *Panginoon* sa Lumang Tipan, nangangahulugan itong Jehova.

*Ang Jehova ay si Cristo:* Kilala si Jehova ng mga naunang propeta (Ex. 6:1–3; Abr. 1:16). Itinuro ng Apostol na si Pablo na si Cristo ang Jehova ng Lumang Tipan (Ex. 17:6; 1 Cor. 10:1–4). Nakita ng kapatid ni Jared ang hindi pa mortal na si Cristo at sinamba siya (Eter 3:13–15). Tinawag din ni Moroni si Cristo ng Jehova (Moro. 10:34). Sa Templo ng Kirtland, nakita nina Joseph Smith at Oliver Cowdery ang nabuhay na mag-uling si Jehova (D at T 110:3–4).

**JEREMIAS.** *Tingnan din sa* Panaghoy, Aklat ng mga

Isang propeta sa Lumang Tipan na isinilang sa isang mag-anak ng mga saserdote at nagpropesiya sa Juda mula 626–586 B.C. Nabuhay siya malapit sa panahon ng iba pang mga dakilang propeta: Lehi, Ezekiel, Oseas, at Daniel.

Inordenan si Jeremias na maging propeta bago pa ang buhay na ito (Jer. 1:4–5). Sa loob ng kanyang mahigit-kumulang na apatnapung taon bilang propeta nagturo siya ng laban sa pagsamba sa diyus-diyusan at imoralidad sa mga taong Judio (Jer. 3:1–5; 7:8–10). Kailangan niyang harapin ang patuloy na panglalaban at pang-aalipusta (Jer. 20:2; 36:18–19; 38:4). Pagkatapos ng pagbagsak ng Jerusalem, dinakip ng mga Judiong tumakas patungo sa Egipto si Jeremias (Jer. 43:5–6), kung saan, alinsunod sa kaugalian, binato nila siya hanggang sa mamatay.

*Ang aklat ni Jeremias:* Naglalaman ang mga kabanata 1–6 ng mga ibinigay na propesiya sa panahon ng pamamahala ni Josias. Ang mga kabanata 7–20 ay mga propesiya sa panahon ni Joacim. Nauugnay ang mga kabanata 21–38 sa paghahari ni Zedekias. Naglalaman ang mga kabanata 39–44 ng mga propesiya at inilarawan ang mga makasaysayang pangyayari pagkatapos ng pagbagsak ng Jerusalem. Ang kabanata 45 ay naglalaman ng isang pangako kay Baruch, ang kanyang escriba, na pangangalagaan ang buhay ni Baruch. Sa wakas, ang mga kabanata 46–51 ay mga propesiya laban sa ibang mga bansa. Ang kabanata 52 ay isang pagwawakas sa kasaysayan. Nakalagay ang ilang propesiya ni Jeremias sa mga laminang tanso ni Laban na iningatan ni Nephi (1 Ne. 5:10–13). Nabanggit din si Jeremias nang dalawang ulit sa Aklat ni Mormon (1 Ne. 7:14; Hel. 8:20).

Isinama rin sa Aklat ni Jeremias ang isang pagkilala ng pagkakaroon ng tao ng buhay bago pa naging mortal at ang pag-oorden kay Jeremias sa simula pa (Jer. 1:4–5); isang propesiya sa pagbabalik ng Israel mula sa kalagayang nakalat, pagtitipong una ng isang lunsod at pangalawa ng mag-anak patungo sa Sion, isang kaaya-ayang lupain kung saan mananahanan nang ligtas at nang may kapayapaan ang Israel at Juda (Jer. 3:12–19); at isang propesiya tungkol sa Panginoon na tinitipon ang Israel mula sa mga bansang pahilaga sa pamamagitan ng pagsusugo ng maraming "mangingisda" at "mangangaso" upang hanapin sila (Jer. 16:14–21). Ang pangyayaring ito sa mga huling araw ay mas magiging malawak maging kaysa pagdadala ni Moises sa Israel palabas sa Egipto (Jer. 16:13–15; 23:8).

**JERICO**

Isang lunsod na nababakuran ng mga pader sa lambak ng Jordan, 245 metro mababa sa kapatagan ng dagat. Ang Jerico ay malapit sa lugar kung saan tumawid ang mga Israelita sa ilog nang una silang pumasok sa lupang pangako (Jos. 2:1–3; 3:16; 6).

Lumaban ang mga Israelita sa digmaan sa Jerico, **Jos.** 6:1–20. Naglagay si Josue ng isang sumpa sa Jerico, **Jos.** 6:26 (1 Hari 16:34). Ang Jerico ay nasa lupaing sakop na ibinigay kay Benjamin, **Jos.** 18:11–12, 21. Dinalaw ng Panginoon ang Jerico sa kanyang huling paglalakbay sa Jerusalem, **Mar.** 10:46 (Lu. 18:35; 19:1).

**JEROBAAL.** *Tingnan din sa* Gedeon (Lumang Tipan)

Isang pangalang ibinigay kay Gedeon sa Lumang Tipan pagkatapos niyang wasakin ang dambana ni Baal (Huk. 6:32; 7:1; 9; 1 Sam. 12:11).

**JEROBOAM**

Sa Lumang Tipan, si Jeroboam ang unang hari ng hilagang bahagi ng nahating Israel. Kasapi siya sa lipi ni Ephraim. Ang masamang si Jeroboam ang nanguna sa paghihimagsik laban sa sambahayan ni Juda at sa mag-anak ni David.

Naglagay si Jeroboam ng mga diyus-diyusan para sa mga tao sa Dan at Betel upang sambahin, **1 Hari** 12:28–29. Pinagalitan ni Ahias si Jeroboam, **1 Hari** 14:6–16. Naaalaala si Jeroboam sa pagdadala ng kakila-kilabot na kasalanan sa Israel, **1 Hari** 15:34 (1 Hari 12:30).

**JERUSALEM**

Isang lunsod na matatagpuan sa makabagong Israel. Ito ang pinakamahalagang lunsod sa kasaysayan ng Biblia. Nasa lunsod na ito ang ilan sa mga pinakabanal na lugar ng mga Cristiyano, Judio, at Muslim at dinadalaw nang madalas ng maraming matatapat na naniniwala. Malimit itong tukuyin bilang lunsod na banal.

Kilala minsan bilang Salem (Gen. 14:18; Awit 76:2), ang Jerusalem ay isang lunsod ng Jebusita hanggang nasakop ito ni David (Jos. 10:1; 15:8; 2 Sam. 5:6–7), na ginawa itong kabisera sa kanya. Magmula noon halos nagmistula ito bilang isang tanggulang bundok, mga 800 metro mataas sa kapatagan ng karagatan. Napaliligiran ito ng malalalim na lambak sa lahat ng dako maliban sa kahilagaan.

Sa panahon ng paghahari ni Haring David, tumira siya sa palasyong yari sa kahoy. Gayon pa man, sa panahon ng paghahari ni Solomon, gumawa ang mga tao ng maraming bagay upang pagandahin ang lunsod, kasama ang pagtatayo ng palasyo ng hari at ng templo.

Pagkatapos mahati ang mga kaharian ng Israel at Juda, nanatiling kabisera ng Juda ang Jerusalem. Kadalasan itong sinasalakay ng mga manlulusob na mga hukbo (1 Hari 14:25; 2 Hari 14:13; 16:5; 18–19; 24:10; 25). Sa ilalim ng pamumuno ni Hezekias, naging sentro ng pagsamba ang Jerusalem, subalit bahagyang nawasak noong 320 B.C., 168 B.C., at 65 B.C. Itinayong muli ni Herodes ang mga pader at ang templo, subalit noong A.D. 70 lubusang winasak ito ng mga Romano.

Si Melquisedec ay hari ng Salem, **Gen.** 14:18 (Heb. 7:2). Ang pagtawag ni Isaias sa Jerusalem na isuot ang kanyang magagandang kasuotan, **Is.** 52:1. Magmumula ang salita ng Panginoon sa Jerusalem, **Mi.** 4:2. Namighati si Cristo sa kapalaran ng Jerusalem, **Mat.** 23:37–39 (Lu. 13:34). Ang Jerusalem ang lunsod ng buhay na Diyos, **Heb.** 12:22. Mawawasak ang Jerusalem kung hindi sila magsisisi, **1 Ne.** 1:4, 13, 18 (2 Ne. 1:4; Hel. 8:20). Muling pananahanan ang Jerusalem pagkatapos ng pagkawasak, **3 Ne.** 20:46. Itatayo muli ang Jerusalem, **Eter** 13:5. Binalaan ni Cristo ang mga Banal sa mga Huling Araw katulad ng pagbabala niya sa mga tao ng Jerusalem, **D at T** 5:20. Ang mga yaong kay Juda na tumakas patungo sa Jerusalem, **D at T** 133:13. Mangungusap ang Panginoon mula sa Jerusalem, **D at T** 133:21.

**JERUSALEM, BAGONG.** *Tingnan sa* Bagong Jerusalem; Sion

**JESSE.** *Tingnan din sa* David

Sa Lumang Tipan, ang ama ni David at ninuno ni Cristo at ng lahat ng hari ng Juda.

Ang anak ni Ruth, na si Obed, ay ama ni Jesse, **Ruth** 4:17, 22. Ang mga ninuno ni Jesse ay matutunton pabalik kay Juda, **1 Cron.** 2:5–12 (Mat. 1:5–6).

**JESUCRISTO.** *Tingnan din sa* Ahas, Tansong; Ako; Alpha at Omega; Anak ng Tao; Bato; Batong Panulok; Bayad-sala, Pagbabayad-sala; Biyaya; Budhi; Buhay na

Tubig; Daan; Diyos, Panguluhang Diyos; Dugo; Ebanghelyo, Mga; Emmanuel; Golgota; Hain; Ikalawang Pagparito ni Jesucristo; Ilaw, Liwanag ni Cristo; Isinilang; Jehova; Kapatawaran ng mga Kasalanan; Kasintahang Lalaki; Kordero ng Diyos; Krus; Likha, Paglikha; Mabuting Pastol; Magsisi, Pagsisisi; Mang-aaliw; Manunubos; Maria, Ina ni Jesus; Mesiyas; Pag-akyat sa Langit; Pagbabagong-anyo—Pagbabagong-anyo ni Cristo; Pagkabuhay na Mag-uli; Pagkahulog nina Adan at Eva; Pagpapako sa Krus; Pananampalataya; Panganay; Pangangaral sa Bundok; Panginoon; Pinahiran, Ang; Plano ng Pagtubos; Sakramento; Simula; Tagapagligtas; Tagapamagitan; Tinapay ng Buhay; Tubos, Tinubos, Pagtubos; Walang Katapusan

*Cristo* (isang salitang Griyego) at *Mesiyas* (isang salitang Hebreo) ay nangangahulugang "ang pinahiran." Panganay si Jesucristo ng Ama sa espiritu (Heb. 1:6; D at T 93:21). Siya ang Bugtong na Anak ng Ama sa laman (Juan 1:14; 3:16). Siya ang Jehova (D at T 110:3–4) at inordenan sa simula pa sa kanyang dakilang tungkulin bago pa sa paglikha ng daigdig. Sa ilalim ng pamamatnubay ng Ama, nilikha ni Jesus ang mundo at ang lahat ng naroon (Juan 1:3, 14; Moi. 1:31–33). Isinilang siya kay Maria sa Betlehem, namuhay nang buhay na walang pagkakasala, at nagsagawa ng isang ganap na pagbabayad-sala para sa mga kasalanan ng buong sangkatauhan sa pamamagitan ng pagbubuhos ng kanyang dugo at pag-aalay ng kanyang buhay sa krus (Mat. 2:1; 1 Ne. 11:13–33; 3 Ne. 27:13–16; D at T 76:40–42). Bumangon siya mula sa mga patay, sa gayon tiniyak ang pagkakaroon ng pagkabuhay na mag-uli ng buong sangkatauhan. Sa pamamagitan ng pagbabayad-sala at pagkabuhay na mag-uli ni Jesus, ang mga yaong nagsisisi ng kanilang mga kasalanan at sumusunod sa mga kautusan ng Diyos ay maaaring manahanan magpakailanman kasama si Jesus at ang Ama (2 Ne. 9:10–12; 21–22; D at T 76:50–53, 62).

Si Jesucristo ang pinakadakilang Nilikha na isinilang sa mundong ito. Ang kanyang buhay ay ganap na halimbawa kung paano dapat mabuhay ang buong sangkatauhan. Dapat isagawa ang lahat ng panalangin, pagbabasbas, at ordenansang pagkasaserdote sa kanyang pangalan. Siya ang Panginoon ng mga panginoon, ang Hari ng mga hari, ang Tagapaglikha, ang Tagapagligtas, at ang Diyos ng buong mundo.

Paparito muli si Jesucristo sa kapangyarihan at kaluwalhatian upang maghari sa mundo sa panahon ng Milenyo. Sa huling araw, hahatulan niya ang buong sangkatauhan (Alma 11:40–41; JS—M 1).

*Ang buod ng kanyang buhay (sa pagkasunud-sunod na mga pangyayari):* Ibinadya ang pagsilang at misyon ni Jesus, **Lu.** 1:26–38 (Is. 7:14; 9:6–7; 1 Ne. 11). Isinilang, **Lu.** 2:1–7 (Mat. 1:18–25). Tinuli, **Lu.** 2:21. Dinala sa Templo, **Lu.** 2:22–38. Dinalaw ng mga lalaking paham, **Mat.** 2:1–12. Tumakas sina Jose at Maria kasama siya patungo sa Egipto, **Mat.** 2:13–18. Dinala sa Nazaret, **Mat.** 2:19–23. Dinalaw ang templo sa gulang na labindalawa, **Lu.** 2:41–50. May mga kapatid na lalaki at babae, **Mat.** 13:55–56 (Mar. 6:3). Bininyagan, **Mat.** 3:13–17 (Mar. 1:9–11; Lu. 3:21–22). Tinukso ng diyablo, **Mat.** 4:1–11 (Mar. 1:12–13; Lu. 4:1–13). Tinawag ang kanyang mga disipulo, **Mat.** 4:18–22 (Mat. 9:9; Mar. 1:16–20; 2:13–14; Lu. 5:1–11, 27–28; 6:12–16; Juan 1:35–51). Inatasan ang labindalawa, **Mat.** 10:1–4 (Mar. 3:13–19; Lu. 6:12–16). Ibinigay ang Pangaral sa Bundok, **Mat.** 5–7. Ibinadya ang kanyang sariling kamatayan at pagkabuhay na mag-uli, **Mat.** 16:21 (Mat. 17:22–23; 20:17–19; Mar. 8:31; 9:30–32; 10:32–34; Lu. 9:22; 18:31–34). Nagbagong-anyo, **Mat.** 17:1–9 (Mar. 9:2–8; Lu. 9:28–36). Isinugo ang pitumpu, **Lu.** 10:1–20. Gi-

nawa ang kanyang matagumpay na pagpasok sa Jerusalem, **Mat.** 21:1–11 (Mar. 11:1–11; Lu. 19:29–40; Juan 12:12–15). Pinasimulan ang sakramento, **Mat.** 26:26–29 (Mar. 14:22–25; Lu. 22:19–20). Nagdusa at nanalangin sa Getsemani, **Mat.** 26:36–46 (Mar. 14:32–42; Lu. 22:39–46). Pinagkanulo, hinuli at itinakwil, **Mat.** 26:47–56 (Mar. 14:43–53; Lu. 22:47–54; Juan 18:2–13). Ipinako sa krus, **Mat.** 27:31–54 (Mar. 15:20–41; Lu. 23:26–28, 32–49; Juan 19:16–30). Nabuhay na mag-uli, **Mat.** 28:1–8 (Mar. 16:1–8; Lu. 24:1–12; Juan 20:1–10). Nagpakita pagkatapos ng kanyang pagkabuhay na mag-uli, **Mat.** 28:9–20 (Mar. 16:9–18; Lu. 24:13–48; Juan 20:11–31; Gawa 1:3–8; 1 Cor. 15:5–8). Umakyat sa langit, **Mar.** 16:19–20 (Lu. 24:51–53; Gawa 1:9–12). Nagpakita sa mga Nephita, **3 Ne.** 11:1–17 (3 Ne. 11–26). Nagpakita kay Joseph Smith, **JS—K** 1:15–20.

*Kapangyarihan:* Maaatang ang pamamahala sa kanyang balikat, **Is.** 9:6 (2 Ne. 19:6). Nagturo si Jesus bilang isang may kapangyarihan, **Mat.** 7:28–29 (Mar. 1:22). May kapangyarihan ang Anak ng Tao sa mundo na magpatawad ng mga kasalanan, **Mat.** 9:6. Inutusan ni Jesus ang maruruming espiritu nang may kapangyarihan at sinunod siya nila, **Mar.** 1:27 (Lu. 4:33–36). Inorden ni Jesus ang labindalawa upang magkaroon ng kapangyarihan, **Mar.** 3:14–15. May kapangyarihan ang salita ni Jesus, **Lu.** 4:32. Ipinagkaloob ng Ama sa Anak ang buong paghatol, **Juan** 5:22, 27. Pinahiran ng Diyos si Jesus sa pamamagitan ng Espiritu Santo at ng kapangyarihan, **Gawa** 10:38. Inorden sa simula pa si Cristo bago pa sa pagkakatatag ng daigdig, **1 Ped.** 1:20 (Eter 3:14). May mga susi si Cristo ng impiyerno at ng kamatayan, **Apoc.** 1:18. Napasailalim kay Cristo ang lahat ng tao, **2 Ne.** 9:5. Si Jesucristo, ang Anak ng Diyos, ay Ama ng langit at lupa, ang Lumikha ng lahat ng bagay mula sa simula, **Hel.** 14:12. Pumarito si Cristo sa kalooban ng Ama upang gawin ang kanyang kalooban, **D at T** 19:24. Tinanggap ni Jesus ang kaganapan ng kaluwalhatian ng Ama; at tinanggap niya ang lahat ng kapangyarihan, **D at T** 93:3–4, 17 (Juan 3:35–36).

*Halimbawa ni Jesucristo:* Ibinigay ko sa inyo ang isang halimbawa, **Juan** 13:15. Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay, **Juan** 14:6. Nagdusa rin si Cristo para sa atin, nag-iwan sa atin ng halimbawa, na dapat ninyong sundin ang kanyang mga yapak, **1 Ped.** 2:21. Maliban ang isang tao ay sumunod sa halimbawa ng Anak ng Diyos na buhay, siya ay hindi maliligtas, **2 Ne.** 31:16. Nais ko na kayo ay maging ganap na katulad ko, **3 Ne.** 12:48. Ito ay lagi ninyong gagawin, maging katulad ng aking ginawa, **3 Ne.** 18:6. Ipinakita ko ang isang halimbawa sa inyo, **3 Ne.** 18:16. Ang mga gawang inyong nakitang ginawa ko iyon ang gagawin ninyo, **3 Ne.** 27:21, 27. Ang mga tunay na tagasunod ni Jesucristo ay magiging katulad niya, **Moro.** 7:48.

*Kaluwalhatian ni Jesucristo:* Napuno ang tabernakulo ng kaluwalhatian ng Panginoon, **Ex.** 40:34–38. Napuspos ang buong mundo ng kanyang kaluwalhatian, **Is.** 6:3 (2 Ne. 16:3). Bumangon sa iyo ang kaluwalhatian ng Panginoon, **Is.** 60:1–2. Ang Anak ng Tao ay paparitong nasa kaluwalhatian ng kanyang Ama, **Mat.** 16:27. Luwalhatiin ninyo ako ng kaluwalhatiang natamo ko sa inyo bago pa ang pagkakatatag ng daigdig, **Juan** 17:5. Ang Banal ng Israel ay maghahari sa kanyang dakilang kaluwalhatian, **1 Ne.** 22:24. Nagkaroon kami ng pag-asa sa kanyang kaluwalhatian, **Jac.** 4:4. Ang Anak ng Diyos ay paparito sa kanyang kaluwalhatian, **Alma** 5:50. Kanyang ipinaliwanag ang lahat ng bagay, mula sa simula hanggang sa kanyang pagparito sa kanyang kaluwalhatian, **3 Ne.** 26:3. Tatayo ang aking mga apostol na nadaramitan ng kaluwalhatian maging katulad ko, **D at T** 29:12 (D at T 45:44). Aming namasdan ang kaluwalhatian ng Anak, sa kanang kamay ng Ama, **D at T** 76:19–23. Nakita at nagpatotoo si Juan sa kaganapan ng aking

kaluwalhatian, **D at T** 93:6 (Juan 1:14). Ang kanyang mukha ay nagniningning nang higit pa sa liwanag ng araw, **D at T** 110:3. Nasa akin ang kanyang kaluwalhatian, at namalas ko ang kanyang mukha, **Moi.** 1:1–11. Ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian, **Moi.** 1:39.

*Pinuno ng Simbahan:* Si Cristo ang pinuno ng Simbahan, **Ef.** 5:23 (Ef. 1:22; 4:15). Siya ang ulo ng katawan, ang Simbahan, **Col.** 1:18. Ito ay aking Simbahan, **Mos.** 26:22 (Mos. 27:13). Si Cristo ang may-akda at tagatapos ng kanilang pananampalataya, **Moro.** 6:1–4. Ang Simbahang ito ay aking itinatag, **D at T** 33:5 (3 Ne. 27:3–8).

*Hukom:* Hahatulan niya ang daigdig sa kabutihan, **Awit** 9:8 (3 Ne. 27:16). Paparito siya upang hatulan ang mundo, **Awit** 96:13. Hahatulan ng Diyos ang mabubuti at ang masasama, **Ec.** 3:17. Hahatol siya sa gitna ng mga bansa, **Is.** 2:4 (Mi. 4:3; 2 Ne. 12:4). Hahatulan niya ang mga maralita sa katwiran, **Is.** 11:2–4. Ipinagkaloob ng Ama sa Anak ang buong paghatol, **Juan** 5:22. Kung ako ang hahatol, tunay ang aking paghatol, **Juan** 8:16. Inorden siya ng Diyos na maging Hukom ng mga buhay at patay, **Gawa** 10:42 (2 Tim. 4:1). Hahatulan ng Diyos ang mga lihim ng mga tao sa pamamagitan ni Jesucristo, **Rom.** 2:16. Tayong lahat ay tatayo sa harapan ng hukumang-luklukan ni Cristo, **Rom.** 14:10 (2 Cor. 5:10; Alma 12:12; Morm. 3:20; 7:6; Eter 12:38; D at T 135:5). Ang lahat ng tao ay lalapit sa Diyos upang hatulan niya alinsunod sa katotohanan at kabanalang nasa kanya, **2 Ne.** 2:10. Isang propeta ang ibabangon ng Panginoon sa mga Judio—maging ang Mesiyas, **Alma** 5:15 (Alma 12:15; 33:22; 3 Ne. 27:14). Ang Diyos at si Cristo ang hukom ng lahat, **D at T** 76:68.

*Paghaharing milenyal ni Cristo:* Maaatang sa kanyang balikat ang pamamahala, **Is.** 9:6 (2 Ne. 19:6). Mananahan ako sa gitna ninyo, ang wika ng Panginoon, **Zac.** 2:10–12 (Zac. 14:9). Ibibigay ng Diyos kay Jesus ang trono ng kanyang amang si David, **Lu.** 1:30–33. Maghahari si Cristo ng walang hanggan at walang katapusan, **Apoc.** 11:15. Maghahari ang mga Banal kasama ni Cristo ng isanlibong taon, **Apoc.** 20:4 (D at T 76:63). Dahil sa kabutihan ng mga tao, si Satanas ay mawawalan ng kapangyarihan, **1 Ne.** 22:26 (Apoc. 20:1–3). Mananahanan ako sa kabutihan kasama ng mga tao sa mundo ng isanlibong taon, **D at T** 29:11 (D at T 43:29–30). Magpasakop sa kapangyarihang umiiral ngayon, hanggang sa maghari siya na siyang may karapatang maghari, **D at T** 58:22 (1 Cor. 15:25). Maghahari mismo si Cristo sa mundo, **S ng P** 1:10 (Is. 32:1).

*Mga pagpapakita ni Cristo matapos maging mortal:* Nang magbangon si Jesus, una siyang nagpakita kay Maria, **Mar.** 16:9 (Juan 20:11–18). Lumakad at nakipag-usap si Jesus sa dalawa sa mga disipulo sa daan patungo sa Emaus, **Lu.** 24:13–34. Nagpakita si Jesus sa mga apostol, na dinama ang kanyang mga kamay at paa, **Lu.** 24:36–43 (Juan 20:19–20). Nagpakita si Jesus kay Tomas, **Juan** 20:24–29. Nagpakita si Jesus sa mga disipulo sa dagat ng Tiberias, **Juan** 21:1–14. Nagministeryo si Jesus ng apatnapung araw pagkatapos ng kanyang pagkabuhay na mag-uli, **Gawa** 1:2–3. Nakita ni Esteban si Jesus na nakatayo sa kanang kamay ng Diyos, **Gawa** 7:55–56. Nagpakita si Jesus kay Saul, **Gawa** 9:1–8 (PJS, Gawa 9:7; Gawa 26:9–17). Nakita si Cristo ng mahigit 500 katao, **1 Cor.** 15:3–8. Ipinakita ni Jesucristo ang sarili sa mga tao ni Nephi, **3 Ne.** 11:1–17. Nakita at narinig ng 2500 katao si Jesus, **3 Ne.** 17:16–25. Si Mormon ay dinalaw ng Panginoon, **Morm.** 1:15. Nakita nina Joseph Smith at Sidney Rigdon si Jesus sa kanang kamay ng Diyos, **D at T** 76:22–23. Nakita nina Joseph Smith at Oliver Cowdery ang Panginoon sa Templo ng Kirtland, **D at T** 110:1–4. Nakita ni Joseph Smith si Jesus, **JS—K** 1:15–17.

*Si Cristo bago pa naging mortal:* Nagpakita ang Panginoon kay Abram, **Gen.** 12:7 (Gen. 17:1; 18:1; Abr. 2:6–8). Nakipag-usap ang Panginoon kay Moises nang

harapan, **Ex.** 33:11 (Deut. 34:10; Moi. 1:1–2). Nakita ko ang Panginoon na nakatayo sa dambana, **Amos** 9:1. At nagkatawang-tao ang Verbo, at nanahanan sa gitna natin, **Juan** 1:1, 14 (1 Juan 1:1–3). Bago si Abraham, ay Ako, **Juan** 8:58. Luwalhatiin ninyo ako ng kaluwalhatiang natamo ko sa inyo bago pa ang pagkakatatag ng daigdig, **Juan** 17:5. Tunay na nakita ni Isaias ang aking Manunubos katulad ng pagkakita ko at ng aking kapatid na si Jacob, **2 Ne.** 11:2–3. Bukas paparito ako sa daigdig, **3 Ne.** 1:12–14. Nabuhay na si Cristo bago pa sa simula ng daigdig, **3 Ne.** 26:5 (Juan 6:62). Katulad ng pagpapakita ko sa iyo magpapakita rin ako sa aking mga tao sa laman, **Eter** 3:14–17. Nakita ni Enoc ang Panginoon at lumakad kasama niya, **D at T** 107:48–49. Aking minamahal na Anak, na aking Minamahal at Pinili mula pa sa simula, **Moi.** 4:2. Sinabi ng Panginoon: Sino ang isusugo ko? At ang isa ay sumagot gaya ng Anak ng Tao: Narito ako, isugo ako, **Abr.** 3:27.

*Mga propesiya hinggil sa pagsilang at kamatayan ni Jesucristo:* Isang birhen ang maglilihi at magsisilang ng isang anak, **Is.** 7:14 (1 Ne. 11:13–20). Lalabas mula sa Betlehem ang isang pinuno sa Israel, **Mi.** 5:2. Si Samuel, ang Lamanita ay nagpropesiya ng isang araw, isang gabi; at isang magdamag na maliwanag; isang bagong bituin; at iba pang mga palatandaan, **Hel.** 14:2–6. Nagpropesiya si Samuel, ang Lamanita ng kadiliman, mga pagkulog at pagkidlat, at pagyanig ng lupa, **Hel.** 14:20–27. Natupad ang mga palatandaan ng pagsilang ni Jesus, **3 Ne.** 1:15–21. Natupad ang mga palatandaan ng kamatayan ni Jesus, **3 Ne.** 8:5–23.

*Taglayin ang pangalan ni Jesucristo sa atin:* Walang ibang pangalan ang ibinigay upang tayo ay maligtas, **Gawa** 4:12 (2 Ne. 31:21). Nagalak ang mga apostol na nabilang silang karapat-dapat sa pagdaranas ng kahihiyan para sa kanyang pangalan, **Gawa** 5:38–42. Ito ang kanyang kautusan, Na dapat tayong maniwala sa pangalan ng kanyang Anak na si Jesucristo, **1 Juan** 3:23. Magpatotoo na nakahanda kayong taglayin ang pangalan ni Cristo sa pamamagitan ng binyag, **2 Ne.** 31:13. Nais ko na taglayin ninyo ang pangalan ni Cristo, **Mos.** 5:6–12 (Mos. 1:11). Sinuman ang nagnanais na taglayin sa kanilang sarili ang pangalan ni Cristo ay sumapi sa simbahan ng Diyos, **Mos.** 25:23. Lahat ng yaong tunay na mga naniniwala kay Cristo ay tinaglay sa kanilang sarili ang pangalan ni Cristo, **Alma** 46:15. Ang pintuan ng langit ay bukas sa mga yaong maniniwala sa pangalan ni Jesucristo, **Hel.** 3:28. Pinagpala siya na matatagpuang tapat sa aking pangalan sa huling araw, **Eter** 4:19. Sila ay pumapayag na taglayin sa kanila ang pangalan ng Anak, **Moro.** 4:3 (D at T 20:77). Taglayin ninyo ang pangalan ni Cristo, **D at T** 18:21–25.

*Pagpapatotoo kay Jesucristo:* Nagpatotoo si Pablo na si Jesus ang Cristo, **Gawa** 18:5. Nagpatotoo maging ang mga espiritung masasama na kilala nila si Jesus, **Gawa** 19:15. Walang taong makapagsasabi na si Jesus ang Panginoon maliban sa pamamagitan ng Espiritu Santo, **1 Cor.** 12:3. Luluhod ang bawat tuhod at magtatapat ang bawat bibig na si Jesucristo ang Panginoon, **Fil.** 2:10–11. Nangungusap tayo tungkol kay Cristo, nagagalak tayo kay Cristo, nangangaral tayo tungkol kay Cristo, nagpopropesiya tayo tungkol kay Cristo, **2 Ne.** 25:26. Ang Aklat ni Mormon ay upang hikayatin ang mga Judio at Gentil na si Jesus ang Cristo, **2 Ne.** 26:12 (unang pahina sa Aklat ni Mormon). Nagpapatotoo ang mga propeta at ang mga banal na kasulatan kay Cristo, **Jac.** 7:11, 19. Hanapin ang Jesus na ito na siyang isinulat ng mga propeta at apostol, **Eter** 12:41. Siya ay aming nakita at narinig ang tinig na nagpapatotoo na siya ang Bugtong na Anak, **D at T** 76:20–24. Ito ang buhay na walang hanggan—na makilala ang Diyos at si Jesucristo, **D at T** 132:24. Naniniwala kami sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan at sa kanyang

Anak, na si Jesucristo, **S ng P** 1:1. Naniniwala kami na maghahari si Cristo sa mundo, **S ng P** 1:10.

*Mga kahalintulad o mga sagisag ni Cristo:* Inalay ni Abel ang mga panganay ng kanyang kawan, **Gen.** 4:4 (Moi. 5:20). Isama mo ang nag-iisa mong anak, si Isaac, at ihain siya para sa isang paghahandog, **Gen.** 22:1–13 (Jac. 4:5). Inutusan ng Panginoon ang mga anak ni Israel na maghain ng mga tupang walang dungis, **Ex.** 12:5, 21, 46 (Blg. 9:12; Juan 1:29; 19:33; 1 Ped. 1:19; Apoc. 5:6). Ito ang tinapay na ibinigay ng Panginoon sa inyo upang kainin, **Ex.** 16:2–15 (Juan 6:51). Hampasin mo ang bato, at may dadaloy na tubig mula rito, upang makainom ang mga tao, **Ex.** 17:6 (Juan 4:6–14; 1 Cor. 10:1–4). Babatahin ng kambing sa kanya ang lahat ng kanilang mga kasamaan, **Lev.** 16:20–22 (Is. 53:11; Mos. 14:11; 15:6–9). Nagtaas si Moises ng isang ahas na tanso upang iligtas ang mga yaong titingin doon, **Blg.** 21:8–9 (Juan 3:14–15; Alma 33:19; Hel. 8:14–15). Nasa tiyan ng isda si Jonas ng tatlong araw, **Jon.** 1:17 (Mat. 12:40). Ang bagay na ito ay isang kahalintulad ng sakripisyo ng Bugtong ng Ama, **Moi.** 5:4–8.

**JETHRO.** *Tingnan din sa* Moises

Isang prinsipe at saserdote sa Lumang Tipan sa Madian na nagbigay kay Moises ng tahanan pagkatapos tumakas si Moises mula sa Egipto. Tinawag din siyang Reuel (Ex. 2:18). Sa bandang huli pinakasalan ni Moises ang anak ni Jethro na si Zephora (Ex. 3:1; 4:18; 18:1–12). Tinuruan ni Jethro si Moises na ibigay ang ibang tungkulin sa iba (Ex. 18:13–27). Natanggap ni Moises ang Pagkasaserdoteng Melquisedec mula kay Jethro (D at T 84:6–7).

**JEZABEL.** *Tingnan din sa* Acab

Isang masamang babae sa Lumang Tipan mula sa lupain ng Phoenicia. Asawa siya ni Acab (1 Hari 16:30–31), isang hari ng Israel na naghari samantalang si Elijah ang propeta.

Ang pagpapakasal ni Jezabel kay Acab, higit pa sa ibang tanging pangyayari, ang nagpabagsak sa hilagang kaharian ng Israel; pinasimulan ni Jezabel sa Israel ang pinakamasamang paraan ng pagsamba sa diyus-diyusan mula sa kanyang lupain kapalit ng pagsamba kay Jehova (1 Hari 18:13, 19).

Pumatay si Jezabel ng marami sa mga propeta ng Diyos, **1 Hari** 18:4. Pinagtangkaang patayin ni Jezabel si Elijah, **1 Hari** 19:1–3. Nagwakas ang kasamaan ni Jezabel sa kanyang kakila-kilabot na kamatayan, **2 Hari** 9:30–37.

**JOB**

Sa Lumang Tipan, isang mabuting tao na nagdanas ng napakaraming paghihirap subalit nanatiling matapat sa kanyang pananampalataya sa Diyos. Nasasaad ang kanyang kuwento sa aklat ni Job.

*Ang aklat ni Job:* Kahit na ang aklat ay tungkol sa pagdurusa ni Job, hindi ito lubusang sumasagot sa katanungan kung bakit si Job (o ang sinumang tao) ay makararanas ng sakit at ng pagkawala ng kanyang mag-anak at ari-arian. Nililiwanag sa aklat na ang pagkakaroon ng kahirapan ay hindi nangangahulugang nagkasala ang isang tao. Maaaring ginagamit ng Panginoon ang kahirapan para makaranas, madisiplina, at matagubilinan gayon din para maparusahan (D at T 122).

Maaaring hatiin ang aklat sa apat na bahagi. Ang mga kabanata 1–2 ay paunang salita sa kuwento. Nasasaad sa mga kabanata 3–31 ang mga pagkakasunud-sunod ng pag-uusap sa pagitan ni Job at ng tatlong kaibigan. Naglalaman ang mga kabanata 32–37 ng mga pangungusap ni Eliu, ang ikaapat na kaibigan, na hinahatulan si Job sa pangangatwirang iba kaysa sa mga pangangatwiran ng mga naunang tatlong kaibigan. Winawakasan sa mga kabanata 38–42 ang aklat sa isang pagbibigay katiyakan kay Job na mabuti ang hakbangin ng kanyang buhay mula sa simula.

Itinuturo sa aklat ni Job na kung ang

isang tao ay may wastong kaalaman tungkol sa Diyos at nabubuhay na karapat-dapat sa Diyos, mas makapagtitiis siya sa mga pagsubok na darating sa buhay niya. Ang di matitinag na pananampalataya ni Job ay ipinakilala ng gayong bulalas na "Bagaman ako ay patayin niya, pagkakatiwalaan ko pa rin siya" (Job 13:15). Nabanggit din si Job sa Ezekiel 14:14; Santiago 5:11; Doktrina at mga Tipan 121:10.

**JOEL**

Isang propeta sa lupain ng Juda sa Lumang Tipan. Hindi matiyak ang panahon ng kanyang buhay—nabuhay siya marahil sa pagitan ng panahon ng paghahari ni Joas, bago noong 850 B.C., at ang pagbabalik ng lipi ni Juda mula sa pagkabihag sa Babilonia.

*Ang aklat ni Joel:* Natatampok sa aklat ang propesiya na ibinigay ni Joel matapos bagabagin ang lupain ng Juda ng masidhing tagtuyot at ng mga balang (Joel 1:4–20). Tiniyak ni Joel sa mga tao na sa pamamagitan ng pagsisisi makatatanggap silang muli ng pagpapala ng Diyos (Joel 2:12–14).

Ang kabanata 1 ay pagtawag para sa isang dakilang pagpupulong sa bahay ng Panginoon. Nasasaad sa kabanata 2 ang digmaan at kapanglawan na mauuna sa Milenyo. Nasasaad sa kabanata 3 ang tungkol sa mga huling araw at sinabi na tunay na magkakaroon ng digmaan sa lahat ng bansa subalit pagkatapos mananahanan ang Panginoon sa Sion.

Binanggit ni Pedro ang propesiya ni Joel na pagbubuhos ng Espiritu sa araw ng Pentecostes (Joel 2:28–32; Gawa 2:16–21). Binanggit din ng anghel na si Moroni ang gayon ding sipi kay Joseph Smith (JS—K 1:41).

**JONAS.** *Tingnan din sa* Ninive

Isang propeta sa Lumang Tipan na tinawag ng Panginoon upang mangaral ng pagsisisi sa lunsod ng Ninive (Jon. 1:1–2).

*Ang aklat ni Jonas:* Isang aklat sa Lumang Tipan na nagsasaad ng karanasan sa buhay ni Jonas. Marahil hindi mismo si Jonas ang sumulat ng aklat. Ang pangunahing kaisipan sa aklat ni Jonas ay naghahari si Jehova saanman at hindi lamang sa isang bansa o mga tao ibinibigay ang kanyang pag-ibig.

Sa kabanata 1, tinawag ng Panginoon si Jonas upang mangaral sa Ninive. Sa halip na gawin ang ipinag-uutos ng Panginoon, tumakas si Jonas sa pamamagitan ng sasakyang-dagat at nilulon ng isang malaking isda. Sa kabanata 2, nanalangin si Jonas sa Panginoon, at iniluwa ng isda si Jonas sa lupa. Natatala sa kabanata 3 na nagtungo si Jonas sa Ninive at nagpropesiya ng pagbagsak nito. Subalit, nagsisi ang mga tao. Sa kabanata 4, pinagsabihan ng Panginoon si Jonas dahil nagalit siya na iniligtas ng Panginoon ang mga tao.

Itinuro ni Jesus na ang pagkakalulon ng isda kay Jonas ay nagsisilbi bilang isang babala ng sariling kamatayan at pagkabuhay na mag-uli ni Jesus (Mat. 12:39–40; 16:4; Lu. 11:29–30).

**JONATHAN.** *Tingnan din sa* David; Saul, Hari ng Israel

Sa Lumang Tipan, anak ni Saul, na hari ng Israel. Matalik na kaibigan ni David si Jonathan (1 Sam. 13–23, 31).

**JOSAPHAT**

Sa Lumang Tipan, isang matapat na hari ng Juda (1 Hari 15:24; 22).

**JOSE, ANAK NI JACOB.** *Tingnan din sa* Israel; Jacob, Anak ni Isaac

Sa Lumang Tipan, ang panganay na anak nina Jacob at Raquel (Gen. 30:22–24; 37:3).

Natamo ni Jose ang pagkapanganay sa Israel sapagkat si Ruben, ang panganay na anak sa unang asawa ni Jacob, ay nawalan ng pribilehiyo dahil sa pagkakasala (1 Cron. 5:1–2). Sapagkat karapat-dapat siya, si Jose, bilang panganay na anak sa pangalawang asawa ni Jacob, ay kasunod sa hanay para sa pagbabasbas. Nakatanggap din si Jose ng pagbabasbas mula sa kanyang ama kaagad bago namatay si Jacob (Gen. 49:22–26).

Si Jose ay isang lalaking may kahanga-hangang katangian, isang taong "mahinahon at matalino" (Gen. 41:39). Ang kanyang pagtanggi sa asawa ni Potiphar ay isang halimbawa ng pananampalataya, kalinisang-puri, at sariling katapatan (Gen. 39:7–12). Sa Egipto, nang ibunyag ni Jose ang kanyang tunay na katauhan sa kanyang mga kapatid, nagpasalamat siya sa halip sisihin sila kung paano nila siya pinakitunguhan. Naniwala siya na nakatulong ang kanilang mga ginawa upang maisakatuparan ang dakilang kalooban ng Diyos (Gen. 45:4–15).

Ipinahayag ng paghahayag sa huling araw ang mas malaking misyon ng mag-anak ni Jose sa mga huling araw (2 Ne. 3:3–24; 3 Ne. 20:25–27; PJS, Gen. 50).

Minahal ni Jacob nang labis si Jose at binigyan siya ng tunika na may iba't ibang kulay, **Gen.** 37:3. Dahil sa paninibugho napoot ang mga kapatid ni Jose sa kanya at nagbalak na patayin siya, subalit sa halip ipinagbili siya sa mga mangangalakal, na patungo na sa Egipto, **Gen.** 37:5–36. Sa Egipto, pinanagana ng Panginoon si Jose at naging pinuno siya ng sambahayan ni Potiphar, **Gen.** 39:1–4. Nagsinungaling ang asawa ni Potiphar, sinabing pinagtangkaan siya ni Jose na pagsamantalahan; nahatulan nang mali si Jose at ikinulong sa bilangguan, **Gen.** 39:7–20. Binigyang-kahulugan ni Jose ang mga panaginip ng punong katiwala at magtitinapay ng Faraon, **Gen.** 40. Nagsimulang kagiliwan ni Faraon si Jose sapagkat binigyang-kahulugan ni Jose ang isa sa mga panaginip ni Faraon; ginawa niyang pinuno si Jose sa Egipto, **Gen.** 41:14–45. Isinilang sina Ephraim at Manases, **Gen.** 41:50–52. Pumisang muli si Jose sa kanyang ama at mga kapatid, **Gen.** 45–46. Namatay si Jose sa Egipto sa gulang na 110 taon, **Gen.** 50:22–26.

**JOSE, ASAWA NI MARIA.** *Tingnan din sa* Jesucristo; Maria, Ina ni Jesus

Asawa ni Maria, na ina ni Jesus. Inapo si Jose ni David (Mat. 1:1–16; Lu. 3:23–38) at nanirahan sa Nazaret. Nakatakda siyang mapangasawa ni Maria. Bago pa sa kanilang kasal, nakatanggap si Maria ng dalaw mula sa anghel na si Gabriel, na siyang nagbalita na napili si Maria na maging ina ng Tagapagligtas (Lu. 1:26–35). Nakatanggap din si Jose ng paghahayag ng banal na pagsilang na ito (Mat. 1:20–25).

Si Maria lamang ang magulang ni Jesus sa mundo sapagkat ang Diyos Ama ang ama ni Jesus. Subalit iniisip ng mga Judio si Jose ang ama ni Jesus, at itinuturing siyang gayon ni Jesus (Lu. 2:48, 51). Binalaan sa pamamagitan ng mga panaginip na galing sa langit, pinangalagaan ni Jose ang buhay ng sanggol na si Jesus sa pagtakas patungo sa Egipto (Mat. 2:13–14). Matapos mamatay si Herodes, tinagubilinan ng isang anghel si Jose na dalhin ang batang si Cristo pabalik sa Israel (Mat. 2:19–23).

**JOSE, TALAAN NI.** *Tingnan sa* Aklat ni Mormon; Ephraim—Ang talaan ni Ephraim o Jose

**JOSE NG ARIMATEA**

Si Jose ng Arimatea ay isang kasapi ng Sanedrin, isang disipulo ni Cristo, at isang mayaman at matapat na Israelita na walang bahagi sa pagpaparusa sa ating Panginoon. Pagkatapos ng pagpapako sa krus, hinangad ni Jose na mabalot ang katawan ng Tagapagligtas sa isang malinis na lino at inihimlay siya sa sariling puntod ni Jose na parang kuweba (Mat. 27:57–60; Mar. 15:43–46; Lu. 23:50–53; Juan 19:38–42).

**JOSEPH SMITH, JR.** *Tingnan sa* Smith, Joseph, Jr.

**JOSIAS**

Isang matwid na hari ng Juda mula 641–610 B.C. (2 Hari 22–24; 2 Cron. 34–35). Sa panahon ng kanyang paghahari, ang aklat ng batas ay natagpuan sa bahay ng Panginoon (2 Hari 22:8–13).

**JOSUE.** *Tingnan din sa* Jerico

Isang propeta at pinuno sa Lumang

Tipan, at ang kahalili ni Moises. Ipinanganak siya sa Egipto bago tumakas ang mga anak ni Israel (Blg. 14:26–31). Siya at si Caleb ay kabilang sa labindalawang tiktik na pinatungo sa Canaan. Sila lamang ang nagbigay ng magandang ulat tungkol sa lupain (Blg. 13:8, 17–14:10). Namatay siya sa gulang na 110 (Jos. 24:29). Si Josue ay isang dakilang halimbawa ng isang banal na propetang-mandirigma.

*Ang aklat ni Josue:* Ang aklat na ito ay ipinangalan kay Josue dahil siya ang pangunahing tauhan dito at hindi dahil siya ang may-akda. Ayon sa kaugalian ng mga Judio, isinulat ni Jeremias ang aklat ni Josue, mula sa mga naunang mga tala. Inilalarawan sa mga kabanata 1–12 ang pagkakasakop sa Canaan; nasasaad sa mga kabanata 13–24 ang tungkol sa paghahati ng mga lipi ni Israel sa lupain at ng mga huling payo ni Josue.

Dalawang bantog na talata sa aklat ni Josue ang utos ng Panginoon sa kanya na pagmuni-munihin ang mga banal na kasulatan (Jos. 1:8) at ang panawagan ni Josue sa mga tao na maging matapat sa Panginoon (Jos. 24:15).

**JUAN, ANAK NI ZEBEDEO.**

*Tingnan din sa* Apostol; Ebanghelyo, Mga; Paghahayag ni Juan; Pagkasaserdoteng Melquisedec; Taong Nagbagong-kalagayan, Mga

Isa sa Labindalawang Apostol sa Bagong Tipan, anak ni Zebedeo, at kapatid ni Santiago. Sa kanyang maagang pamumuhay isa siyang mangingisda (Mar. 1:17–20). Siya marahil ang di pinangalanang disipulo ni Juan Bautista na binanggit sa Juan 1:40. Sa bandang huli nakatanggap siya ng tawag na maging disipulo ni Jesucristo (Mat. 4:21–22; Lu. 5:1–11). Isinulat niya ang Ebanghelyo ni Juan, ang tatlong sulat, at ang aklat ng Apocalipsis. Isa siya sa tatlo na kasama ng Panginoon sa pagpapabangon ng anak ni Jairo (Mar. 5:35–42), sa Bundok ng Pagbabagong-anyo (Mat. 17:1–9), at sa Getsemani (Mat. 26:36–46). Sa kanyang sariling mga isinulat tinutukoy niya ang kanyang sarili bilang ang disipulong minamahal ni Jesus (Juan 13:23; 21:20) at bilang ang "iba pang disipulo" (Juan 20:2–8). Tinawag din siya at ang kanyang kapatid ni Jesus na Boanerges, "mga anak ng kulog" (Mar. 3:17). May malilimit na pagbanggit sa kanya sa mga ulat ng pagpapako sa krus at pagkabuhay na mag-uli (Lu. 22:8; Juan 18:15; 19:26–27; 20:2–8; 21:1–2). Nawala sa bandang huli si Juan sa Patmos, kung saan isinulat niya ang aklat ng Apocalipsis (Apoc. 1:9).

Madalas binabanggit si Juan ng paghahayag sa mga huling araw (1 Ne. 14:18–27; 3 Ne. 28:6; Eter 4:16; D at T 7; 27:12; 61:14; 77; 88:141). Nagpapatibay ang mga siping ito sa talaang Biblia ni Juan at naglalaan din ng kabatiran ng kanyang kadakilaan at ang kahalagahan ng gawaing ibinigay ng Panginoon sa kanya upang gawin sa mundo sa panahon ng Bagong Tipan at sa mga huling araw. Nililiwanag ng mga banal na kasulatan ng mga huling araw na hindi namatay si Juan subalit pinayagang manatili sa mundo bilang isang tagapaglingkod na sugo hanggang sa panahon ng ikalawang pagparito ng Panginoon (Juan 21:20–23; 3 Ne. 28:6–7; D at T 7).

*Ang mga sulat ni Juan:* Bagaman hindi binabanggit ng manunulat ang kanyang sarili sa pamamagitan ng pangalan sa tatlong sulat na ito, ang mga pananalita ay matibay na nahahalintulad ng kay Juan, ang Apostol, kaya ipinalalagay na isinulat niya ang tatlo.

Sa 1 Juan 1 pinapayuhan ang mga Banal na tamuhin ang pakikipagkapatiran sa Diyos. Binigyan-diin sa kabanata 2 na nakikilala ng mga Banal ang Diyos sa pamamagitan ng pagsunod at tinagubilinan sila na huwag mahalin ang daigdig. Tinatawag sa kabanata 3 ang lahat upang maging mga anak ng Diyos at ibigin ang isa't isa. Ipinaliliwanag sa kabanata 4 na ang Diyos ay pag-ibig at nananahanan sa mga yaong nagmamahal sa kanya. Ipinalili-

wanag sa kabanata 5, na isinilang sa Diyos ang mga Banal sa pamamagitan ng paniniwala kay Cristo.

Katulad sa 1 Juan ang 2 Juan. Dito nagagalak si Juan dahil sa katapatan ng mga anak ng “hinirang na babae.”

Pinapurihan sa 3 Juan ang isang taong tinawag na Gayo dahil sa kanyang katapatan at pagtulong sa mga yaong nagmamahal sa katotohanan.

*Ang Ebanghelyo ni Juan:* Sa Bagong Tipang aklat na ito, nagpatotoo si Juan, ang Apostol na (1) Si Jesus ang Cristo o Mesiyas, at (2) Si Jesus ang Anak ng Diyos (Juan 20:31). Ang mga tagpo mula sa buhay ni Jesus na kanyang inilarawan ay maingat na pinili at inayos sa ganitong kaalaman. Nagsisimula ang aklat sa pahayag ng katayuan ni Cristo sa buhay bago pa naging mortal sa mundo: kasama siya ng Diyos, siya ay Diyos, at siya ang Lumikha ng lahat ng bagay. Isinilang siya sa laman bilang Bugtong na Anak ng Ama. Tinalunton ni Juan ang landas ng pagmiministeryo ni Jesus, lubhang binibigyang-diin ang kanyang pagka-Diyos at ang kanyang pagkabuhay na mag-uli mula sa mga patay. Malinaw niyang pinagtitibay na si Jesus ang Anak ng Diyos, pinatutunayan ng mga himala, ng mga saksi, ng mga propeta, at ng sariling tinig ni Cristo. Nagtuturo si Juan sa pamamagitan ng paghahambing ng liwanag at kadiliman, katotohanan at kamalian, masama at mabuti, Diyos at ang diyablo. Marahil wala nang iba pang talaan na nakapaghayag nang malinaw sa kabanalan ni Jesus at ang kawalan ng paniniwala ng mga pinunong Judio.

Isinulat ni Juan ang halos pagmiministeryo ni Cristo sa Judea, lalung-lalo na ang huling linggo ng kanyang mortal na pagmiministeryo, samantalang sina Mateo, Marcos, at Lucas ay nagsulat halos ng kanyang pagmiministeryo sa Galilea. Niliwanag ang ilang bagay mula sa ebanghelyong ito ng mga paghahayag sa huling araw (D at T 7 at D at T 88:138–141).

Para sa buod ng kabanata, tingnan sa *Ebanghelyo, Mga.*

*Aklat ng Apocalipsis, Ang: Tingnan sa* Paghahayag ni Juan

**JUAN BAUTISTA.** *Tingnan din sa* Elias; Pagkasaserdoteng Aaron

Ang anak nina Zacarias at Elizabet sa Bagong Tipan. Isinugo si Juan upang ihanda ang mga tao na tanggapin ang Mesiyas (Juan 1:19–27). Siya ang may hawak ng mga susi ng Pagkasaserdoteng Aaron at bininyagan si Jesucristo.

Nagpropesiya si Isaias at ang iba pa ng misyon ni Juan, **Is.** 40:3 (Mal. 3:1; 1 Ne. 10:7–10; 2 Ne. 31:4). Ikinulong sa bilangguan at pinugutan ng ulo, **Mat.** 14:3–12 (Mar. 6:17–29). Ipinahayag ni Gabriel ang pagsilang at pagmiministeryo ni Juan kay Zacarias, **Lu.** 1:5–25. Itinuro ni Jesus na si Juan Bautista ay isang dakilang propeta, **Lu.** 7:24–28. Nakilala si Jesus bilang ang Anak ng Diyos, **Juan** 1:29–34. Naging mga disipulo ni Jesus ang mga disipulo ni Juan, **Juan** 1:25–29, 35–42 (Gawa 1:21–22). Hindi gumawa ng himala, **Juan** 10:41. Bilang isang taong nabuhay na mag-uli, ay isinugo upang ordenan sina Joseph Smith at Oliver Cowdery sa Pagkasaserdoteng Aaron, **D at T** 13 (D at T 27:7–8; JS—K 1:68–72). Inordenan sa pamamagitan ng isang anghel nang siya ay nasa gulang na walong araw, **D at T** 84:28.

**JUDA.** *Tingnan din sa* Biblia; Israel; Judio, Mga

Sa Lumang Tipan, ang pang-apat na anak nina Jacob at Lea (Gen. 29:35; 37:26–27; 43:3, 8; 44:16; 49:8). Binasbasan ni Jacob si Juda na siya ang magiging likas na pinuno sa mga anak ni Jacob at na si Silo (Jesucristo) ay kanyang magiging inapo (Gen. 49:10).

*Ang lipi ni Juda:* Ang lipi ni Juda ang namuno matapos ang paninirahan sa Canaan. Ang lipi ni Ephraim ang pangunahing katunggali nito. Binasbasan ni Moises ang lipi ni Juda (Deut. 33:7). Pagkatapos ng paghahari ni Solomon, ang lipi ni Juda ay naging kaharian ng Juda.

*Ang kaharian ng Juda:* Sa paghahari ni Rehoboam ang mga lupaing sakop ni Solomon ay nahati sa dalawang maghiwalay na kaharian, unang-una na dahil sa inggitan sa pagitan ng lipi nina Ephraim at Juda. Sa timog kaharian, o kaharian ng Juda, ay kabilang ang lipi ni Juda at karamihan ng lipi ni Benjamin. Ang Jerusalem ang kabisera nito. Sa kabuuan, ito ay nanatiling mas tapat sa pagsamba kay Jehova kaysa sa hilagang kaharian. Ang Juda ay hindi gaanong lantad sa pagsalakay mula sa hilaga at silangan, at ang pinakamataas na kapangyarihan ay nanatili sa mga kamay ng mag-anak ni David hanggang sa pagbihag ng mga taga-Babilonia. Nagawang manahan ng kaharian ng Juda ng 135 taon matapos ang pagbagsak ng mas matao at mas makapangyarihang kaharian ng Israel.

*Ang talaan ni Juda:* Tinutukoy nito ang Biblia bilang isang talaan ng sambahayan ni Juda (Ez. 37:15–19). Sa mga huling araw, kapag ang iba't ibang sanga ng sambahayan ni Israel ay tinipon, ang kanilang mga banal na talaan ay samasama ring titipunin. Ang mga banal na kasulatang ito ay magpupuno sa isa't isa at magbubuo ng nag-iisang patotoo na si Jesus ang Cristo, ang Diyos ng Israel at ang Diyos ng buong mundo (2 Ne. 3:29; PJS, Gen. 50:24–36).

**JUDAS**

Sa Bagong Tipan, isa sa mga kapatid ni Jesus at malamang na may-akda ng sulat ni Judas (Mat. 13:55; Jud. 1:1).

*Ang sulat ni Judas:* Ang aklat na ito ay binubuo ng isang sulat mula kay Judas sa ilang mga Banal na nanghihina sa pananampalataya. Sila ay pinahihina ng mga yaong nasa kanila na nagpapahayag na mga Cristiyano ngunit gumagawa ng imoral na paganong pagsamba at nagpapahayag na sila ay hindi saklaw sa pagsunod sa moral na batas. Ninais ni Judas na gisingin ang mga Banal sa pag-unawa ng kanilang espirituwal na panganib at himukin sila na manatiling tapat.

Ilan sa mahahalagang sipi sa Judas ay talata 6, na nag-uulat sa digmaan sa langit at ang pagtataboy kay Lucifer at sa kanyang mga anghel mula roon sa kalagayang bago pa ang buhay na ito (Abr. 3:26–28), at mga talata 14–15, na bumabanggit sa isang propesiya na ginawa ni Enoc.

**JUDAS, KAPATID NI SANTIAGO**

Sa Bagong Tipan, isa sa orihinal na Labindalawang Apostol ni Jesucristo (Lu. 6:13–16). Siya ay malamang na kilala rin bilang si Lebeo Tadeo (Mat. 10:2–4).

**JUDAS ISCARIOTE**

Isa sa Labindalawang Apostol ni Jesus sa Bagong Tipan (Mat. 10:4; Mar. 14:10; Juan 6:71; 12:4). Ang kanyang huling pangalan ay nangangahulugang "taong mula sa Cherioth." Siya ay mula sa lipi ni Juda at ang tanging Apostol na hindi isang taga-Galilea. Ipinagkanulo ni Judas ang Panginoon.

Nakatanggap ng tatlumpung piraso ng pilak para sa pagsusuko kay Cristo sa isa sa mga punong saserdote, **Mat.** 26:14–16 (Zac. 11:12–13). Ipinagkanulo ang Panginoon sa pamamagitan ng isang halik, **Mat.** 26:47–50 (Mar. 14:43–45; Lu. 22:47–48; Juan 18:2–5). Ibinigti ang kanyang sarili, **Mat.** 27:5. Pumasok si Satanas kay Judas, **Lu.** 22:3 (Juan 13:2, 26–30). Nangusap si David tungkol sa pagkanulo ni Judas kay Jesus, **Gawa** 1:16 (Awit 41:9).

**JUDIO, MGA.** *Tingnan din sa* Israel; Juda

Ang mga Judio ay maaaring (1) mga inapo ni Juda, isa sa labindalawang anak ni Jacob, (2) mga tao ng sinaunang timog kaharian ng Juda, o (3) mga taong nagsasagawa ng relihiyon, ayos ng pamumuhay, at kaugalian ng mga Judio subalit maaari o maaaring hindi Judio sa pagsilang. Naging kaugalian ito na gamitin ang salitang Judio upang tumukoy sa lahat ng inapo ni Jacob, subalit mali ito. Dapat lamang itong sumaklaw sa mga yaong sa kaharian ng Juda o, lalung-lalo na ngayon, ang

mga yaong sa lipi ni Juda at ng kanyang mga kasamahan.

Hindi maaalis ang setro sa Juda hanggang sa pagparito ni Silo, **Gen.** 49:10. Ang ebanghelyo ni Cristo ay kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan, una sa mga Judio, **Rom.** 1:16. Ang dalawang propeta na ibabangon sa bansa ng Judio sa mga huling araw, **1 Ne.** 10:4. Kapag ang aklat ay nagmula sa bibig ng mga Judio, ang mga bagay ay malinaw at dalisay, **1 Ne.** 14:23. Ang mga Judio ay ikakalat sa lahat ng bansa, **2 Ne.** 25:15. Ang mga Judio ang aking mga sinaunang pinagtipanang tao, **2 Ne.** 29:4. Ang mga Judio ay ikakalat sa lahat ng bansa, **2 Ne.** 30:7. Tatanggihan ng mga Judio ang bato kung saan sila ay itatayo, **Jac.** 4:14–16. Magkakaroon ng iba pang saksi ang mga Judio na si Jesus ang siya ngang Cristo, **Morm.** 3:20–21. Ang dalawang propeta na ibabangon sa bansa ng Judio sa mga huling araw, **D at T** 77:15. Manawagan sa lahat ng bansa, una sa mga Gentil, at pagkatapos sa mga Judio, **D at T** 133:8. Sa mga araw na yaon ay magkakaroon ng malaking kapighatian sa mga Judio, **JS—M** 1:18.

**KAALAMAN.** *Tingnan din sa* Karunungan; Katotohanan; Pagkaunawa

Pag-unawa at pag-intindi, lalo na sa katotohanan na itinuro o pinagtibay ng Espiritu.

Ang Panginoon ay Diyos ng kaalaman, **1 Sam.** 2:3. Ganap ang kaalaman ng Panginoon, **Job** 37:16. Ang takot sa Panginoon ang umpisa ng kaalaman, **Kaw.** 1:7. Siya na nagtitipid ng kanyang salita ay may kaalaman, **Kaw.** 17:27. Ang lupa ay mapupuno ng kaalaman ng Panginoon, **Is.** 11:9 (2 Ne. 21:9; 30:15). Inaalis ninyo ang susi ng kaalaman, **Lu.** 11:52. Ang pag-ibig ni Cristo ay di masayod ng kaalaman, **Ef.** 3:19. Idagdag sa inyong pananampalataya ang kagalingan, at sa kagalingan ang kaalaman, **2 Ped.** 1:5. Si Nephi ay may malaking kaalaman ng kabutihan ng Diyos, **1 Ne.** 1:1. Sila ay makararating sa kaalaman ng kanilang Manunubos, **2 Ne.** 6:11. Ang mabubuti ay magkakaroon ng ganap na kaalaman ng kanilang kabutihan, **2 Ne.** 9:14. Ang Espiritu ay nagbibigay ng kaalaman, **Alma** 18:35. Ang inyong kaalaman ay ganap sa bagay na yaon, **Alma** 32:34. Ang mga Lamanita ay madadala sa tunay na kaalaman ng kanilang Manunubos, **Hel.** 15:13. Malalaman ninyo nang may ganap na kaalaman na iyon ay sa Diyos, **Moro.** 7:15–17. Ang mga banal ay makatatagpo ng malaking kayamanan ng kaalaman, **D at T** 89:19. Ang dalisay na kaalaman ay lubos na magpapalaki ng kaluluwa, **D at T** 121:42. Siya na may mga susi ng banal na pagkasaserdote ay hindi mahihirapan sa pagtamo ng kaalaman ng mga katotohanan, **D at T** 128:11. Kung ang isang tao ay nagkamit ng kaalaman sa buhay na ito, siya ay may kalamangan sa daigdig na darating, **D at T** 130:19. Hindi maaaring maligtas sa kamangmangan, **D at T** 131:6.

**KAAWAY.** *Tingnan sa* Diyablo

**KABAITAN.** *Tingnan din sa* Kalinisang-puri; Kapangyarihan; Matapat, Katapatan

Pagkamatapat at mataas na moralidad, kapangyarihan at lakas (Lu. 8:46), o kalinisang seksuwal (Moro. 9:9).

Ikaw ay isang babaing mabait, **Ruth** 3:11. Siya na may malilinis na kamay at may pusong dalisay ay tatayo sa dakong banal ng Panginoon, **Awit** 24:3–4. Ang mabait na babae ay isang putong sa kanyang asawa, **Kaw.** 12:4. Ang halaga ng isang mabait na babae ay higit na makapupo kaysa mga rubi, **Kaw.** 31:10–31. Idagdag sa inyong pananampalataya ang kagalingan, **2 Ped.** 1:5 (D at T 4:6). Subukan ang bisa ng salita ng Diyos, **Alma** 31:5. Puspusin ng kabanalan ang iyong mga iniisip nang walang humpay, **D at T** 121:45. Naniniwala kami sa pagiging marangal, **S ng P** 1:13 (Fil. 4:8).

**KABAN NG TIPAN.** *Tingnan din sa* Tabernakulo

Tanyag din bilang Kaban ni Jehova at ang Kaban ng Patotoo, ang Kaban ng Tipan ay isang parihabang baul o kahon na yari sa kahoy na nababalutan ng ginto. Ito ang pinakaluma at pinakabanal na sagisag na pangrelihiyon ng mga Israelita. Ang Luklukan ng Awa na siyang takip nito ay ipinalalagay na lugar na siyang pinananahanan ni Jehova sa mundo (Ex. 25:22). Nang matapos ang tabernakulo, inilagay ang kaban sa Kabanal-banalang Dako, ang pinakabanal na dako sa tabernakulo (1 Hari 8:1–8).

Ginawa ni Moises ang kaban sa utos ng Diyos, **Ex.** 25. Inatasan ang mga anak ni Levi na pangasiwaan ang kaban, **Blg.** 3:15, 31. Ang kaban ng tipan ay nasa unahan nila, **Blg.** 10:33. Kunin itong aklat ng batas, at ilagay sa kaban ng tipan, **Deut.** 31:24–26. Nahawi ang mga tubig ng Jordan sa harapan ng kaban ng tipan, **Jos.** 3:13–17; 4:1–7. Dinala ng mga saserdote ang kaban ng tipan sa pananakop sa Jerico, **Jos.** 6:6–20. Nakuha ng mga Filisteo ang kaban ng Diyos, **1 Sam.** 5. Pinagpala ng Panginoon ang sambahayan ni Obed-edom dahil sa kaban ng Diyos, **2 Sam.** 6:11–12. Pinatay ng Panginoon si Uzza nang pasuway na tangkain niyang hawakan ang kaban, **1 Cron.** 13:9–12 (D at T 85:8). Itayo ninyo ang santuwaryo ng Panginoong Diyos, upang dalhin ang kaban ng tipan, **1 Cron.** 22:19. Inilarawan ang mga nilalaman ng kaban ng tipan, **Heb.** 9:4.

**KABANAL-BANALANG DAKO.** *Tingnan din sa* Tabernakulo; Templo, Bahay ng Panginoon

Ang pinakabanal na silid sa tabernakulo ni Moises at nang malaon sa templo. Ang Kabanal-banalang Dako ay tinawag ding ang "pinakabanal na dako" (Ex. 26:33–34).

**KABANALAN.** *Tingnan din sa* Banal (pang-uri); Dalisay, Kadalisayan; Kabaitan; Pagpapabanal

Kaganapang espirituwal at moral. Ipinakikita ng kabanalan ang kadalisayan ng puso at hangarin ng tao.

Ipakita ng mga kasapi na karapat-dapat sila sa Simbahan sa pamamagitan ng paglakad sa kabanalan sa harapan ng Panginoon, **D at T** 20:69. Ang bahay ng Panginoon ay pook ng kabanalan, **D at T** 109:13. Tao ng Kabanalan ang pangalan ng Diyos, **Moi.** 6:57 (Moi. 7:35).

**KADAKILAAN.** *Tingnan din sa* Bayad-sala, Pagbabayad-sala; Buhay na Walang Hanggan; Kaluwalhatiang Selestiyal; Putong; Tao, Mga Tao—Tao, kakayahang maging katulad ng Ama sa Langit

Ang pinakamataas na kalagayan ng kaligayahan at kaluwalhatian sa kaluwalhatiang Selestiyal.

Puspos ng galak sa inyong kinaroroonan, **Awit** 16:11. Sila ay mga diyos, maging mga anak ng Diyos—samakatwid, ang lahat ng bagay ay kanila, **D at T** 76:58–59. Tatanggapin ng mga banal ang kanilang mana at gagawing pantay sa kanya, **D at T** 88:107. Ang mga anghel na ito ay hindi sumunod sa aking batas; samakatwid, sila ay mananatiling hiwa-hiwalay at nag-iisa, walang kadakilaan, **D at T** 132:17. Upang matamo ang kadakilaan, dapat na magpakasal ang mga lalaki at babae alinsunod sa batas ng Diyos, **D at T** 132:19–20. Makipot ang pintuan at makitid ang daang patungo sa kadakilaan, **D at T** 132:22–23. Pumasok na sa kanilang kadakilaan sina Abraham, Isaac, at Jacob, **D at T** 132:29, 37. Ibinubuklod ko sa iyo ang iyong kadakilaan, **D at T** 132:49.

**KADILIMAN, ESPIRITUWAL NA.** *Tingnan din sa* Masama, Kasamaan

Kasamaan o kawalang-alam sa mga bagay na espirituwal.

Sa aba nila na inaaring dilim ang liwanag, **Is.** 5:20 (2 Ne. 15:20). Tatakpan ng kadiliman ang lupa, at masalimuot na dilim ang mga tao, **Is.** 60:2. Bibigyang liwanag ni Jesus ang mga yaong nangalugmok sa kadiliman, **Lu.** 1:79. Ang ilaw ay lumiwanag sa kadiliman, at

ito'y hindi naunawaan ng kadiliman, **Juan** 1:5 (D at T 45:7). Iwaksi ang mga gawa ng kadiliman at isuot ang baluti ng liwanag, **Rom.** 13:12. Huwag makibahagi sa mga walang mapakikinabangang gawa ng kadiliman, **Ef.** 5:8–11. Dahil sa hindi kayo humihingi, hindi kayo nadadala sa liwanag, kundi tiyak na masasawi sa kadiliman, **2 Ne.** 32:4. Pinalaganap ni Satanas ang mga gawa ng kadiliman, **Hel.** 6:28–31. Ang mga kapangyarihan ng kadiliman ay nangingibabaw sa mundo, **D at T** 38:8, 11–12. Ang buong sanlibutan ay dumaraing sa ilalim ng kadiliman at kasalanan, **D at T** 84:49–54. Kung ang inyong mata ay nakatuon sa aking kaluwalhatian, walang magiging kadiliman sa inyo, **D at T** 88:67. Ang mga gawain ng kadiliman ay nagsimulang mangibabaw sa lahat ng anak ng tao, **Moi.** 5:55.

**KADILIMAN, MALAYONG.** *Tingnan sa* Anak na Lalaki ng Kapahamakan, Mga; Impiyerno; Kamatayan, Espirituwal na; Diyablo

**KAGALAKAN.** *Tingnan din sa* Pagsunod, Masunurin, Sumunod

Isang kalagayan ng malaking kaligayahan na nagmumula sa mabuting pamumuhay. Ang layunin ng buhay na ito ay upang magkaroon ng kagalakan ang lahat ng tao (2 Ne. 2:22–25). Ang lubos na kagalakan ay magmumula lamang sa pamamagitan ni Jesucristo (Juan 15:11; D at T 93:33–34; 101:36).

Mananagana rin ang maamo sa kanilang kagalakan sa Panginoon, **Is.** 29:19 (2 Ne. 27:30). Dinadalhan ko kayo ng mabubuting balita ng malaking kagalakan, **Lu.** 2:10. Walang makapag-aalis sa inyo ng inyong kagalakan, **Juan** 16:22. Ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, **Gal.** 5:22. Pinuspos nito ang aking kaluluwa ng labis na kagalakan, **1 Ne.** 8:12. Ang tao ay gayon upang sila ay magkaroon ng kagalakan, **2 Ne.** 2:25. Ang kagalakan ng mabubuti ay malulubos magpakailanman, **2 Ne.** 9:18. Sila ay mananahanan kasama ng Diyos sa kalagayan ng walang katapusang kaligayahan, **Mos.** 2:41. Tatalikuran ko ang lahat ng aking pag-aari nang matanggap ko ang labis na kagalakang ito, **Alma** 22:15. Baka sakali ako ay maging isang kasangkapan sa mga kamay ng Diyos upang madala ang ilang kaluluwa sa pagsisisi, at ito ang aking kagalakan, **Alma** 29:9. Anong galak, at anong kagila-gilalas na liwanag ang namasdan ko, **Alma** 36:20. Pupuspusin ng aking Espiritu ang iyong kaluluwa ng kagalakan, **D at T** 11:13. Anong laki ng inyong magiging kagalakan kasama niya sa kaharian ng aking Ama, **D at T** 18:15–16. Sa daigdig na ito ang inyong kagalakan ay hindi lubos, subalit sa akin ang inyong kagalakan ay lubos, **D at T** 101:36. Sa buhay na ito ako ay magkakaroon ng kagalakan, **Moi.** 5:10–11.

**KAGULUHAN.** *Tingnan din sa* Paghihimagsik

Sigalutan, pagtutunggalian, at pagtatalo. Ang kaguluhan, lalung-lalo na sa pagitan ng mga kasapi ng Simbahan ng Panginoon o kasapi ng mag-anak, ay hindi kasiya-siya sa Panginoon.

Huwag magkaroon ng sigalutan, ikaw at ako, **Gen.** 13:8. Kapalaluan ay sanhi ng pagtatalo, **Kaw.** 13:10. Kung ang sinuman ay may sumbong laban sa kanino man, magpatawad tulad ng pagpapatawad ni Cristo, **Col.** 3:13. Iwasan ang mga hangal na usapan at pagtatalo, **Tit.** 3:9. Inuutusan ng Panginoon ang mga tao na huwag makipagtalo sa isa't isa, **2 Ne.** 26:32. Hindi ninyo pahihintulutan ang inyong mga anak na makipaglaban at makipag-away, **Mos.** 4:14. Nag-utos si Alma na hindi dapat magkaroon ng alitan sa mga kasapi ng Simbahan, **Mos.** 18:21. Pinalalaganap ni Satanas ang mga usap-usapan at alitan, **Hel.** 16:22. Ang diyablo ang siyang ama ng pagtatalo at siyang nag-uudyok sa mga tao na makipagtalo sa isa't isa, **3 Ne.** 11:29 (Mos. 23:15). Itatag ang aking ebanghelyo, nang sa gayon ay hindi magkaroon ng labis na kaguluhan, **D at T**

10:62–64. Tumigil sa pakikipagtalo sa isa't isa, **D at T** 136:23.

**KAHANGALAN.** *Tingnan din sa* Pagsasalita nang Masama

Ang pabasta-bastang pagsasaalang-alang sa mga banal na bagay (D at T 84:54).

Ang mga Banal ay hindi nararapat magkaroon ng mga walang kabuluhang iniisip, ni labis na pagtawa, **D at T** 88:69. Tumigil sa lahat ng inyong kapalaluan at kahangalan, **D at T** 88:121.

**KAHARIAN NG DIYOS O KAHARIAN NG LANGIT.** *Tingnan din sa* Kaluwalhatiang Selestiyal; Simbahan ni Jesucristo

Ang kaharian ng Diyos sa mundo ay Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw (D at T 65). Ang layunin ng Simbahan ay ihanda ang mga kasapi nito na mabuhay magpasawalang hanggan sa kahariang selestiyal o kaharian ng langit. Gayunman, tinatawag minsan ng mga banal na kasulatan ang Simbahan na kaharian ng langit, nangangahulugan na ang Simbahan ang kaharian ng langit sa mundo.

Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang kaharian ng Diyos sa mundo, subalit sa kasalukuyan ay hanggang kahariang pansimbahan pa lamang. Sa Milenyo, ang kaharian ng Diyos ay kapwa magiging pulitikal at pansimbahan.

Ang Panginoon ay Hari magpakailanman, **Awit** 10:16 (Awit 11:4). Ang Diyos ng langit ay magtatayo ng isang kaharian na hindi magigiba kailanman, **Dan.** 2:44 (D at T 138:44). Magsisi kayo sapagkat nalalapit na ang kaharian ng langit, **Mat.** 3:2 (Mat. 4:17). Dumating nawa ang kaharian mo, gawin nawa ang iyong kalooban sa lupa, **Mat.** 6:10. Hanapin muna ang kaharian ng Diyos, **Mat.** 6:33 (3 Ne. 13:33). Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian, **Mat.** 16:19. Magsiparito, manahin ninyo ang kahariang nakahanda para sa inyo, **Mat.** 25:34. Kapag ako ay kumain ng sakramento na kasalo ninyo sa kaharian ng aking Ama, **Mat.** 26:26–29. Makikita ninyo ang lahat ng propeta sa kaharian ng Diyos, **Lu.** 13:28. Ang mga liko ay hindi magsisipagmana ng kaharian ng Diyos, **1 Cor.** 6:9. Laman at dugo ay hindi makamamana ng kaharian ng Diyos, **1 Cor.** 15:50. Bago kayo maghangad ng mga kayamanan hanapin muna ninyo ang kaharian ng Diyos, **Jac.** 2:18. Walang maruming bagay ang magmamana ng kaharian ng langit, **Alma** 11:37. Ikaw ay makapagpahinga kasama nila sa kaharian ng aking Ama, **D at T** 15:6. Sa inyo ang kaharian o mga susi ng Simbahan ay ibinigay, **D at T** 42:69 (D at T 65:2). Nawa ang kaharian ng Diyos ay lumaganap upang ang kaharian ng langit ay dumating, **D at T** 65:5–6. Ang mga susi ng kahariang ito ay hindi kailanman makukuha sa iyo, **D at T** 90:3. Sinumang tumatanggap sa iyo gaya ng isang maliit na bata, ay tumatanggap sa aking kaharian, **D at T** 99:3. Sa ganito tatawagin ang aking Simbahan sa mga huling araw, maging Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, **D at T** 115:4. Ang kalangitan ay nabuksan at aking nakita ang kahariang selestiyal ng Diyos, **D at T** 137:1–4.

**KAHINAAN.** *Tingnan din sa* Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba

Ang kalagayan ng pagiging isang mortal at kakulangan sa kakayahan, lakas, o kasanayan. Ang kahinaan ay isang kalagayang pantao. Ang lahat ng tao ay mahina, at tanging sa pamamagitan lamang ng biyaya ng Diyos kung kaya't nakatatanggap sila ng kapangyarihang gumawa ng mabubuting gawa (Jac. 4:6–7). Ang kahinaang ito ay bahagyang ipinakikita sa mga kahinaan ng bawat isa o karupukang taglay ng bawat tao.

Inyong palakasin ang mahihinang kamay, **Is.** 35:3–4. Ang espiritu ay handa, subalit mahina ang laman, **Mat.** 26:41 (Mar. 14:38). Dahil sa kahinaang taglay ko, ayon sa laman, pauumanhi-

nan ko ang aking sarili, **1 Ne.** 19:6. Ako ay nautusang isulat ang mga bagay na ito, sa kabila ng aking kahinaan, **2 Ne.** 33:11. Huwag magalit sa inyong tagapaglingkod dahil sa kanyang kahinaan, **Eter** 3:2. Kukutyain ng mga Gentil ang mga bagay na ito dahil sa aming kahinaan sa pagsulat, **Eter** 12:23–25, 40. Ipakikita ko sa kanila ang kanilang kahinaan, **Eter** 12:27–28. Dahil sa kinilala mo ang iyong kahinaan ikaw ay gagawing malakas, **Eter** 12:37. Siya na mahina sa inyo magmula ngayon ay magiging malakas, **D at T** 50:16. Nalalaman ni Jesucristo ang kahinaan ng tao, **D at T** 62:1.

**KALALAKIHAN.** *Tingnan sa* Tao, Mga Tao

**KALAPATI, TANDA NG.** *Tingnan din sa* Espiritu Santo

Isang palatandaang ibinigay sa simula pa lamang kung paano makikilala ni Juan Bautista ang Mesiyas (Juan 1:32–34). Itinuro ni Joseph Smith na ibinigay na ang tanda ng kalapati bago pa man ang paglikha ng daigdig bilang saksi ng Espiritu Santo; samakatwid, hindi makapagbibigay ng tandang kalapati ang diyablo.

Ang Espiritu ng Diyos ay bumabang tulad ng isang kalapati, **Mat.** 3:16. Matapos mabinyagan si Jesus, ang Espiritu Santo ay bumaba na tulad sa isang kalapati, **1 Ne.** 11:27. Ako, si Juan, ay nagpapatotoo, at narito, ang kalangitan ay nabuksan, at ang Espiritu Santo ay bumaba sa kanya na tulad ng isang kalapati, **D at T** 93:15.

**KALAYAANG MAMILI.** *Tingnan din sa* Malaya, Kalayaan; Mananagot, Pananagutan, May Pananagutan

Ang kakayahan at pribilehiyong ibinibigay ng Diyos sa mga tao upang mamili at kumilos para sa kanilang sarili.

Sa lahat ng punungkahoy ay malaya kang makakakain, **Gen.** 2:16. Ang tao ay hindi makakikilos para sa kanyang sarili maliban sa siya ay nahikayat, **2 Ne.** 2:15–16. Ang mga tao ay malayang makapipili ng kalayaan at buhay na walang hanggan o pagkabihag at kamatayan, **2 Ne.** 2:27. Kayo ay malaya; kayo ay pinahintulutang kumilos para sa inyong sarili, **Hel.** 14:30. Ikatlong bahagi ng hukbo ng langit ay nailayo niya dahil sa kanilang kalayaang pumili, **D at T** 29:36. Kinakailangan na ang diyablo ay tuksuhin ang mga tao, o hindi sila maaaring maging mga kinatawan, **D at T** 29:39. Hayaang ang bawat tao ay pumili para sa kanyang sarili, **D at T** 37:4. Ang bawat tao ay makakikilos alinsunod sa moral na kalayaang mamili na ibinigay ko sa kanya, **D at T** 101:78. Hinangad wasakin ni Satanas ang kalayaang mamili ng tao, **Moi.** 4:3. Ibinigay ng Panginoon sa tao ang kanyang kalayaang mamili, **Moi.** 7:32.

**KALIGTASAN.** *Tingnan din sa* Bayad-sala, Pagbabayad-sala; Biyaya; Jesucristo; Kadakilaan; Kamatayan, Espirituwal na; Kamatayan, Pisikal na; Plano ng Pagtubos; Tubos, Tinubos, Pagtubos

Ang maligtas mula sa katawan at espirituwal na kamatayan. Maliligtas ang lahat ng tao mula sa kamatayang pisikal sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, sa pamamagitan ng kamatayan at pagkabuhay na mag-uli ni Jesucristo. Ang bawat tao ay maaari ring maligtas mula sa kamatayang espirituwal sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, sa pamamagitan ng pagkakaroon ng pananampalataya kay Jesucristo. Mapatutunayan ang pananampalatayang ito sa buhay na sumusunod sa mga batas at ordenansa ng ebanghelyo at paglilingkod kay Cristo.

Ang Panginoon ay aking liwanag at aking kaligtasan, **Awit** 27:1. Siya lamang ang aking bato at aking kaligtasan, **Awit** 62:2. Ang ebanghelyo ang kapangyarihan ng Diyos sa ikaliligtas, **Rom.** 1:16 (D at T 68:4). Gawin ninyo ang inyong sariling pagkaligtas nang may takot, **Fil.** 2:12. Hinirang kayo ng Diyos sa ikaliligtas sa pagpapabanal ng Espiritu, **2 Tes.** 2:13. Ang kaligta-

san ay hindi binabayaran, **2 Ne.** 2:4. Wala nang kaloob na mas dadakila pa sa kaloob na kaligtasan, **D at T** 6:13. Jesucristo ang tanging pangalan kung saan ang kaligtasan ay sasapit, **Moi.** 6:52 (Gawa 4:10–12). Naniniwala kami na sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo, ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas, **S ng P** 1:3.

*Kaligtasan ng mga bata:* Maliban kung kayo'y maging tulad ng maliliit na bata, ay hindi kayo magsisipasok sa kaharian ng langit, **Mat.** 18:3. Ang maliliit na bata ay may buhay na walang hanggan din, **Mos.** 15:25. Isang karumal-dumal na gawa ang pagbibinyag sa sanggol, at buhay kay Cristo ang maliliit na bata dahil sa Pagbabayad-sala, **Moro.** 8:8–24. Ang maliliit na bata ay tinubos sa pamamagitan ng aking Bugtong na Anak; Hindi sila maaaring tuksuhin ni Satanas, **D at T** 29:46–47. Paturuan ang mga bata ng ebanghelyo at pabinyagan pagsapit ng walong taong gulang, **D at T** 68:25–28. Ang maliliit na bata ay pinabanal sa pamamagitan ni Jesucristo, **D at T** 74:7. Ang mga tao ay magbabalik muli sa kanilang kamusmusan, walang kasalanan, **D at T** 93:38. Ang lahat ng batang namamatay bago sumapit sa gulang ng pananagutan ay ligtas sa kahariang selestiyal, **D at T** 137:10. Ang mga bata ay buo mula pa sa pagkakatatag ng daigdig, **Moi.** 6:54.

**KALIGTASAN, PLANO NG.** *Tingnan sa* Plano ng Pagtubos

**KALIGTASAN NG MGA BATA.** *Tingnan sa* Bata, Mga Bata; Kaligtasan—Kaligtasan ng mga bata

**KALIGTASAN PARA SA MGA PATAY.** *Tingnan din sa* Aklat ng Alaala; Kaligtasan; Plano ng Pagtubos; Talaangkanan

Ang pagkakataon para sa kanila na mga namatay na hindi nakatanggap ng mga ordenansa ng kaligtasan ng ebanghelyo upang ang mga ordenansang ito ay isagawa para sa kanila sa mga templo ng karapat-dapat na buhay na mga kasapi ng Simbahan. Tinuturuan ng ebanghelyo ang mga patay sa daigdig ng mga espiritu at maaaring tanggapin ang mga ordenansang isinagawa para sa kanila sa buhay na ito.

Sinasaliksik at gumagawa ng kasaysayan ng mag-anak ang matatapat na kasapi ng Simbahan upang tiyakin ang mga pangalan at petsa ng kapanganakan ng mga ninuno upang ang mga ordenansa ng kaligtasan ay maisagawa para sa kanila.

Na nagsasabi sa kanila ng mga nangabilanggo, kayo'y magsilabas, **Is.** 49:9 (Is. 24:22; 1 Ne. 21:9). Magtanyag ng kalayaan sa mga bihag, **Is.** 61:1 (Lu. 4:18). Kanyang papagbaliking-loob ang puso ng mga ama sa mga anak, **Mal.** 4:5–6 (3 Ne. 25:5–6; D at T 110:13–16). Maririnig ng mga patay ang tinig ng Anak ng Diyos, **Juan** 5:25. Bakit nga sila'y binibinyagan alang-alang sa mga patay? **1 Cor.** 15:29. Nangaral si Cristo sa mga espiritung nasa bilangguan, **1 Ped.** 3:18–20. Sapagkat dahil dito'y ipinangaral maging sa mga patay ang ebanghelyo, **1 Ped.** 4:6. Dinalaw ng Anak ang mga espiritung nasa bilangguan, **D at T** 76:73. At pagkatapos darating ang pagtubos nila na tumanggap ng kanilang bahagi sa bilangguang iyon, **D at T** 88:99. Sa lugar na pinagbibinyagan na wala sa mundo kung saan ang aking mga Banal ay maaaring binyagan para sa yaong mga patay, **D at T** 124:29. Lahat ng nangamatay na tatanggap ng ebanghelyo ay magiging mga tagapagmana ng kahariang selestiyal, **D at T** 137:7–10. Nagpakita ang Anak ng Diyos at nagpahayag ng kalayaan sa mga bihag na naging matatapat, **D at T** 138:18. Kasindami ng mga espiritung nasa bilangguan ay nagsipagbangon, **Moi.** 7:57.

**KALINISANG-PURI.** *Tingnan din sa* Kabaitan; Mahalay, Kahalayan; Pakikiapid; Pangangalunya

Seksuwal na kalinisan ng mga kalalakihan at kababaihan.

Pinaglabanan ni Jose ang mga panu-

nukso ng asawa ni Potiphar, **Gen.** 39:7–21 (D at T 42:24; 59:6). Huwag kang makikiapid, **Ex.** 20:14. Ang mabait na babae ay isang putong sa kanyang asawa, **Kaw.** 12:4 (Kaw. 31:10). Hindi ba ninyo nalalaman na ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo? **1 Cor.** 6:18–19. Maging halimbawa ka ng kalinisan, **1 Tim.** 4:12. Walang maruming bagay ang makapananahanang kasama ng Diyos, **1 Ne.** 10:21. Sapagkat ako, ang Panginoong Diyos, ay nalulugod sa kalinisang-puri ng mga babae, **Jac.** 2:28. Ang kasalanang seksuwal ay karumal-dumal, **Alma** 39:1–13. Ang kapurihan at dangal ang pinakamahal at pinakamahalaga sa lahat ng bagay, **Moro.** 9:9. Naniniwala kami sa pagiging malinis, **S ng P** 1:13.

**KALOOB.** *Tingnan din sa* Kaloob ng Espiritu, Mga; Kaloob na Espiritu Santo

Binibigyan ng Diyos ang tao ng maraming biyaya at kaloob.

Maraming kaloob na espirituwal, **1 Cor.** 12:4–10. Marubdob na hangarin ang mga pinakamabuting kaloob, **1 Cor.** 12:31. Ang bawat kaloob na ganap ay mula sa Diyos, **Sant.** 1:17. Ang kapangyarihan ng Espiritu Santo ay kaloob ng Diyos, **1 Ne.** 10:17. Yaong mga nagsasabi na walang kaloob ay di nakaaalam ng ebanghelyo ni Cristo, **Morm.** 9:7–8. Nanggagaling ang bawat mabubuting kaloob kay Cristo, **Moro.** 10:8–18. Ang buhay na walang hanggan ang pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos, **D at T** 14:7 (1 Ne. 15:36). Ibinibigay ang mga kaloob sa mga yaong umiibig sa Panginoon, **D at T** 46:8–11. Hindi lahat ng bawat kaloob ay ibinigay sa kanila, **D at T** 46:11–29.

**KALOOB NA ESPIRITU SANTO.** *Tingnan din sa* Diyos, Panguluhang Diyos; Espiritu Santo; Kaloob; Kaloob ng Espiritu, Mga

Karapatan ito ng bawat karapat-dapat na nabinyagang kasapi ng Simbahan na magkaroon ng palagiang panghihikayat ng Espiritu Santo. Kasunod ng pagbibinyag sa isang tao sa totoong Simbahan ni Jesucristo, matatanggap niya ang kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay mula sa isa na may karapatang magsagawa nito (Gawa 8:12–25; Moro. 2:1–3; D at T 39:23). Ang pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo ay kadalasang binabanggit bilang isang pagbibinyag ng apoy (Mat. 3:11; D at T 19:31).

Inutusan ang mga taong magsisi, magpabinyag, at tanggapin ang kaloob na Espiritu Santo, **Gawa** 2:38. Iginawad nina Pedro at Juan ang kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, **Gawa** 8:14–22. Ibinibigay ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, **Gawa** 19:2–6. Dumarating ang kapatawaran sa mga kasalanan sa pamamagitan ng apoy at ng Espiritu Santo, **2 Ne.** 31:17. Naniniwala kami sa pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo, **S ng P** 1:4.

**KALOOB NA ESPIRITUWAL, MGA.** *Tingnan sa* Kaloob ng Espiritu, Mga

**KALOOB NG ESPIRITU, MGA.** *Tingnan din sa* Kaloob

Natatanging espirituwal na pagpapala na ibinigay ng Panginoon sa mga taong karapat-dapat para sa kanilang sariling kapakanan at para gamitin nila sa pagpapala ng kapwa. Para sa paglalarawan ng mga kaloob ng Espiritu, pag-aralan ang Doktrina at mga Tipan 46:11–33; 1 Corinto 12:1–12; Moroni 10:8–18.

Marubdob na hangarin ang mga pinakamabuting kaloob, **1 Cor.** 12:31 (1 Cor. 14:1). Binigyan ang mga Nephita ng maraming kaloob ng Espiritu, **Alma** 9:21. Sa aba niya na magsasabing hindi na gumagawa ang Panginoon sa pamamagitan ng mga kaloob o ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, **3 Ne.** 29:6. Nagbibigay ang Diyos ng mga kaloob sa matatapat, **Morm.** 9:7. Dumarating ang mga kaloob sa pamamagitan ng Espiritu ni Cristo, **Moro.** 10:17. Maraming kaloob at ibinibigay sa bawat tao

ang kaloob sa pamamagitan ng Espiritu, **D at T** 46:11. Binigyan ng kapangyarihan ang mga pinuno ng Simbahan na makilala ang mga kaloob ng Espiritu, **D at T** 46:27. Ang Pangulo ng Simbahan ay nagtataglay ng lahat ng kaloob ng Diyos, **D at T** 107:92.

**KALULUWA.** *Tingnan din sa* Espiritu; Katawan

Sa mga banal na kasulatan tumutukoy ang mga kaluluwa sa tatlong bagay: (1) mga espiritung nilalang, kapwa bago isilang at pagkamatay (Alma 40:11–14; Abr. 3:23); (2) ang pinagsamang espiritu at katawan sa buhay na ito (Abr. 5:7); at (3) isang taong walang kamatayan at nabuhay na mag-uli na ang espiritu at ang katawan ay hindi mapaghihiwalay (Alma 40:23; D at T 88:15–16).

Ang dugo'y siyang tumutubos para sa kaluluwa, **Lev.** 17:11. Kanyang pinapanauli ang aking kaluluwa, **Awit** 23:3. Iibigin mo ang Panginoon mong Diyos ng buong kaluluwa mo, **Mat.** 22:37 (Mar. 12:30). Nililinlang ng diyablo ang kanilang mga kaluluwa, **2 Ne.** 28:21. Ialay ang inyong buong kaluluwa bilang handog sa kanya, **Omni** 1:26. Sinisimulang palakihin ng salita ang aking kaluluwa, **Alma** 32:28. Ang kanyang kaluluwa ay hindi kailanman magugutom ni mauuhaw, **3 Ne.** 20:8. Pinababanal ang tinapay at tubig ng sakramento para sa mga kaluluwa ng mga yaong bumabahagi nito, **Moro.** 4–5 (D at T 20:77–79). Ang mga manggagawa ng kaharian ay nagdadala ng kaligtasan sa kanilang mga kaluluwa sa pamamagitan ng kanilang paglilingkod, **D at T** 4:2, 4. Ang kahalagahan ng mga kaluluwa ay dakila, **D at T** 18:10. Kayo ay isinilang sa daigdig sa pamamagitan ng tubig, dugo, at espiritu, at naging isang kaluluwang may buhay, **Moi.** 6:59.

*Kahalagahan ng mga kaluluwa:* Ang lahat ng tao ay espiritung anak ng Diyos. Mahal niya ang bawat anak niya at mahalaga ang turing sa bawat isa. Sapagkat sila ay kanyang mga anak, may kakayahan silang maging katulad niya. Samakatwid, sila ay napakahalaga.

May tuwa sa isang makasalanang nagsisisi, **Lu.** 15:10. Gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay niya ang kanyang Bugtong na Anak, **Juan** 3:16. Hindi nila maatim na ang kaluluwa ng sinumang tao ay masawi, **Mos.** 28:3. Hindi ba't ang isang kaluluwa sa panahong ito ay kasinghalaga rin sa Diyos ng isang kaluluwa sa panahon ng kanyang pagparito? **Alma** 39:17. Ang bagay na pinakamahalaga sa iyo ay makapagdala ng mga kaluluwa sa akin, **D at T** 15:6. Alalahanin na dakila sa paningin ng Diyos ang kahalagahan ng mga kaluluwa, **D at T** 18:10–15. Ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao, **Moi.** 1:39.

**KALUSUGAN.** *Tingnan sa* Salita ng Karunungan

**KALUWALHATIAN.** *Tingnan din sa* Antas ng Kaluwalhatian, Mga; Ilaw, Liwanag ni Cristo; Katotohanan

Sa mga banal na kasulatan, kadalasan ang kaluwalhatian ay tumutukoy sa liwanag at katotohanan ng Diyos. Maaari rin itong tumukoy sa papuri o karangalan at sa isang tiyak na kalagayan ng buhay na walang hanggan o sa kaluwalhatian ng Diyos.

Banal ang Panginoon ng mga hukbo: puspos ng kanyang kaluwalhatian ang buong mundo, **Is.** 6:3 (2 Ne. 16:3). Nagbago kami sa gayon ding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, **2 Cor.** 3:18. Ako'y kanyang ibabangon upang manahanang kasama niya sa kaluwalhatian, **Alma** 36:28. Ang matatanggap na mga kaluwalhatian sa pagkabuhay na mag-uli ay magkakaiba alinsunod sa kabutihan, **D at T** 76:50–119. Ang kaluwalhatian ng Diyos ay katalinuhan, **D at T** 93:36. Ang kaluwalhatian ng Diyos ay isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao, **Moi.** 1:39. Na-

kakita ako ng dalawang Katauhan, na ang liwanag at kaluwalhatian ay hindi kayang maisalarawan, **JS—K** 1:17.

**KALUWALHATIAN, ANTAS NG, MGA.** *Tingnan sa* Antas ng Kaluwalhatian, Mga

**KALUWALHATIANG SELESTIYAL.** *Tingnan din sa* Antas ng Kaluwalhatian, Mga; Buhay na Walang Hanggan; Kadakilaan

Ang pinakamataas sa tatlong antas ng kaluwalhatian na maaaring matamo ng isang tao matapos ang buhay na ito. Dito mananahan ang mabubuti sa kinaroroonan ng Diyos Ama at ng kanyang Anak na si Jesucristo.

Ang kaluwalhatian ng selestiyal ay isa, **1 Cor.** 15:40 (D at T 76:96). Dinala si Pablo sa ikatlong langit, **2 Cor.** 12:2. Ipinakita ang kaluwalhatiang selestiyal sa isang pangitain, **D at T** 76:50–70. Kung ang mga Banal ay nagnanais ng lugar sa selestiyal na daigdig, sila ay kailangang maghanda, **D at T** 78:7. Siya na hindi nagawang sumunod sa batas ng isang kahariang selestiyal ay hindi makapamamalagi sa isang kaluwalhatiang selestiyal, **D at T** 88:15–22. Sa selestiyal na kaluwalhatian ay may tatlong kalangitan; ibinigay ang mga batayan upang makamtan ang pinakamataas, **D at T** 131:1–2. Ang mga batang namamatay bago sumapit sa gulang ng pananagutan ay ligtas sa kahariang selestiyal, **D at T** 137:10.

**KALUWALHATIANG TELESTIYAL.** *Tingnan din sa* Antas ng Kaluwalhatian, Mga

Ang pinakamababa sa tatlong antas ng kaluwalhatian kung saan mananahanan ang mga tao pagkatapos ng huling paghuhukom.

Nakita ni Pablo ang kaluwalhatian ng mga bituin, **1 Cor.** 15:40–41. Nakita nina Joseph Smith at Sidney Rigdon ang kaluwalhatiang telestiyal, **D at T** 76:81–90. Ang mga naninirahan sa daigdig na telestiyal ay hindi mabilang gaya ng mga bituin, **D at T** 76:109–112. Siya na hindi magagawang sumunod sa batas ng isang kahariang telestiyal ay hindi maaaring manahan sa kaluwalhatiang telestiyal, **D at T** 88:24, 31, 38.

**KALUWALHATIANG TERESTRIYAL.** *Tingnan din sa* Antas ng Kaluwalhatian, Mga.

Ang pangalawa sa tatlong antas ng kaluwalhatian kung saan mananahanan ang mga tao pagkatapos ng huling paghuhukom.

Nakita ni Pablo ang kaluwalhatiang terestriyal, katulad ng kaluwalhatian ng buwan, **1 Cor.** 15:40–41. Nakita nina Joseph Smith at Sidney Rigdon ang kaluwalhatiang terestriyal, **D at T** 71–80. Ang kaluwalhatian ng terestriyal ay nakahihigit sa kaluwalhatian ng telestiyal, **D at T** 76:91. Ang mga yaong hindi makagagawang sumunod sa batas ng kahariang terestriyal ay hindi maaaring manahan sa isang kaluwalhatiang terestriyal, **D at T** 88:23, 30, 38.

**KAMALIG.** *Tingnan din sa* Kapakanan

Isang lugar kung saan ang isang obispo ay tumatanggap, nangangalaga, at namamahagi sa mga maralita ng mga inilaang alay ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang bawat kamalig ay maaaring maging malaki o maliit alinsunod sa hinihingi ng pagkakataon. Nagkakaloob ang matatapat na Banal ng mga talino, kasanayan, kagamitan, at mapagkikitaan sa obispo upang mapangalagaan ang mga maralita sa oras ng pangangailangan. Samakatwid, maaaring ilagay sa isang kamalig ang isang talaan ng mga pantulong, salapi, pagkain, o iba pang mga kakailanganin. Ang obispo ang kinatawan ng kamalig at nagpapamahagi ng mga ari-arian at pagtulong alinsunod sa pangangailangan at sa patnubay ng Espiritu ng Panginoon (D at T 42:29–36; 82:14–19).

Kanilang tipunin ang lahat ng pagkain upang iimbak sa pitong taon ng taggutom, **Gen.** 41:34–36, 46–57. Dalhin ninyo ang lahat ng ikasampung bahagi sa

kamalig, **Mal.** 3:10 (3 Ne. 24:10). Ang obispo ay magtayo ng kamalig sa simbahang ito, **D at T** 51:13. Ang labis sa kinakailangan ay ibibigay sa aking kamalig, **D at T** 70:7–8. Dapat na magtatag at magtayo ng isang kamalig ang mga banal, **D at T** 78:1–4. May karapatan ang mga anak sa kamalig ng Panginoon, kung ang kanilang mga magulang ay walang mapagkukunan, **D at T** 83:5.

**KAMATAYAN, ESPIRITUWAL NA.** *Tingnan din sa* Anak na Lalaki ng Kapahamakan, Mga; Diyablo; Impiyerno; Kaligtasan; Kapahamakan; Pagkahulog nina Adan at Eva

Paghiwalay sa Diyos at sa kanyang mga pamamatnubay; ang mamatay sa mga bagay na nauukol sa kabutihan. Nagdanas si Lucifer at ang ikatlong bahagi ng hukbo ng langit ng espirituwal na kamatayan nang sila'y paalisin sa langit (D at T 29:36–37).

Sumapit ang espirituwal na kamatayan sa daigdig dahil sa pagkahulog ni Adan (Moi. 6:48). Ang mga taong may masamang pag-iisip, pananalita, at gawa ay mga espirituwal nang patay samantalang nabubuhay pa sa mundo (1 Tim. 5:6). Sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Jesucristo at pagsunod sa mga alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo, ang kalalakihan at kababaihan ay maaaring malinis mula sa kasalanan at mapagtagumpayan ang espirituwal na kamatayan.

Sumasapit din ang espirituwal na kamatayan kasunod ng pagkamatay ng katawang lupa. Kapwa hahatulan ang mga taong nabuhay nang mag-uli at ang diyablo at ang kanyang mga anghel. Magdurusa ng espirituwal na kamatayan ang mga yaong sadyang naghimagsik sa liwanag at katotohanan ng ebanghelyo. Ang kamatayang ito ay kalimitang tinatawag na ikalawang kamatayan (Alma 12:16; Hel. 14:16–19; D at T 76:36–38).

Ang mga manggagawa ng kasamaan ay mahihiwalay, **Awit** 37:9. Ang maging mahalay sa kaisipan ay kamatayan, **Rom.** 8:6 (2 Ne. 9:39). Ang pagnanasa ay naglulubog sa tao sa pagkawasak at kapahamakan, **1 Tim.** 6:9. Nagdudulot ng kamatayan ang kasalanan, **Sant.** 1:15. Siya na magtatagumpay ay hindi magdurusa ng ikalawang kamatayan, **Apoc.** 2:11. Sa mga ito'y walang kapangyarihan ang ikalawang kamatayan, **Apoc.** 20:6, 12–14. May bahagi ang masasama sa lawa ng nagniningas na apoy at asupre: na siyang ikalawang kamatayan, **Apoc.** 21:8 (D at T 63:17–18). Ang mga tao ay malayang makapipili ng kalayaan at buhay na walang hanggan o piliin ang pagkabihag at kamatayan, **2 Ne.** 2:27 (2 Ne. 10:23; Alma 29:5; Hel. 14:30–31). Naghanda ng daan ang Diyos upang ating matakasan ang kamatayan at impiyerno, **2 Ne.** 9:10. Magsitakas kayo mula sa mga pasakit ng impiyerno upang kayo ay hindi magdusa ng ikalawang kamatayan, **Jac.** 3:11. Ang likas na tao ay kaaway ng Diyos, **Mos.** 3:19. Nawa'y ipagkaloob sa inyo ng Panginoon ang pagsisisi upang kayo ay hindi magdusa ng ikalawang kamatayan, **Alma** 13:30. Nagapos si Alma ng walang hanggang tanikala ng kamatayan, **Alma** 36:18. Namamatay ang masasama sa mga bagay na nauukol sa kabutihan, **Alma** 40:26 (Alma 12:16). Ang Pagkahulog ay nagdala ng espirituwal na kamatayan sa buong sangkatauhan, **Alma** 42:9 (Hel. 14:16–18). Nang mahulog si Adan, siya ay espirituwal na namatay, **D at T** 29:40–41, 44.

**KAMATAYAN, IKALAWANG.** *Tingnan sa* Kamatayan, Espirituwal na

**KAMATAYAN, PISIKAL NA.** *Tingnan din sa* Kaligtasan; Pagkabuhay na Mag-uli; Pagkahulog nina Adan at Eva; Tiyak na Pagkamatay, May Kamatayan

Ang paghihiwalay ng katawan at ng espiritu. Ang Pagkahulog ay nagdala ng pagkamatay at kamatayan sa lupa, (2 Ne. 2:22; Moi. 6:48). Napagtagumpayan ng pagbabayad-sala ni Jesucristo

ang kamatayan upang ang lahat ay mabuhay na mag-uli (1 Cor. 15:21–23). Ang pagkabuhay na mag-uli ay isang walang bayad na handog sa lahat ng tao maging sila man ay nakagawa ng mabuti o masama sa buhay na ito (Alma 11:42–44). Magdaranas ang bawat tao ng iisang kamatayang pisikal sa dahilang sa ating pagkabuhay na mag-uli, ang ating mga katawan ay hindi na muling mamamatay (Alma 11:45).

Lahat ng laman ay mamamatay, at ang tao ay mababalik uli sa alabok, **Job** 34:15. Mahalaga sa paningin ng Panginoon ang kamatayan ng kanyang mga Banal, **Awit** 116:15. Ang alabok ay babalik sa lupa, at ang espiritu ay magbabalik sa Diyos, **Ec.** 12:7. Sa pamamagitan ng tao'y dumating ang kamatayan, **1 Cor.** 15:21. Hawak ng Tagapagligtas ang mga susi ng impiyerno at ng kamatayan, **Apoc.** 1:18. Hindi na magkakaroon pa ng kamatayan, ni kalungkutan, **Apoc.** 21:4. Dumating ang kamatayan sa lahat ng tao, **2 Ne.** 9:6, 11 (Alma 12:24). Kailanma'y hindi nila tinatanaw ang kamatayan nang may pangingilabot, **Alma** 27:28. Ipinaliwanag ni Alma ang kalagayan ng kaluluwa sa pagitan ng kamatayan at ng pagkabuhay na mag-uli, **Alma** 40:11. Yaong mga namatay sa akin ay hindi matitikman ang kamatayan, **D at T** 42:46. Yaong mga hindi itinakda sa kamatayan ay mapapagagaling, **D at T** 42:48. Akin kayong susubukin sa lahat ng bagay maging hanggang kamatayan, **D at T** 98:14. Sa alabok ka mauuwi, **Moi.** 4:25. Si Adan ay nahulog at dahil sa kanyang pagkahulog ay sumapit ang kamatayan, **Moi.** 6:48.

**KAMAY, PAGPAPATONG NG MGA.** *Tingnan din sa* Kaloob na Espiritu Santo; Ordenan, Pag-oorden; Pagtatalaga; Pangangasiwa sa Maysakit

Ang pagpapatong ng kamay sa ulo ng isang tao bilang bahagi ng isang ordenansa ng pagkasaserdote. Maraming ordenansa ng pagkasaserdote ang isinasagawa sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, katulad ng mga pag-oorden, pagbabasbas, pangangasiwa sa mga maysakit, pagpapatibay sa pagiging kasapi ng Simbahan, at pagkakaloob ng Espiritu Santo.

Ipinatong ni Moises ang kanyang mga kamay sa ulo ni Josue, sa pag-uutos ng Panginoon, **Blg.** 27:18, 22–23 (Deut. 34:9). Ipinatong ni Jesus ang kanyang mga kamay sa ilang mamamayang maysakit, at pinagaling sila, **Mar.** 6:5 (Morm. 9:24). Ipinatong ng mga apostol ang kanilang mga kamay sa pito na tutulong sa kanila, **Gawa** 6:5–6. Ibinibigay ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, **Gawa** 8:14–17. Ipinatong ni Ananias ang kanyang mga kamay kay Saul at pinanumbalik ang kanyang paningin, **Gawa** 9:12, 17–18. Ipinatong ni Pablo ang kanyang mga kamay sa kanya at pinagaling siya, **Gawa** 28:8. Itinuro ni Pablo ang doktrina ng pagbibinyag at ang pagpapatong ng mga kamay, **Heb.** 6:2. Nag-orden si Alma ng mga saserdote at elder sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, **Alma** 6:1. Ibinigay ni Jesus sa kanyang mga disipulo ang kapangyarihang magkaloob ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, **3 Ne.** 18:36–37. Sa kanila na papatungan ninyo ng inyong mga kamay, ibibigay ninyo ang Espiritu Santo, **Moro.** 2:2. Ang mga elder ang magpapatong ng kanilang mga kamay sa mga bata para sa isang pagbabasbas, **D at T** 20:70. Tatanggapin nila ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, **D at T** 35:6 (S ng P 1:4). Ipapatong ng mga elder ang mga kamay sa mga maysakit, **D at T** 42:44 (D at T 66:9). Tatanggapin ng mga bata ang pagpapatong ng mga kamay pagkatapos ng pagbibinyag, **D at T** 68:27. Tinatanggap ang pagkasaserdote sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, **D at T** 84:6–16.

**KAMUNDUHAN.** *Tingnan din sa* Kapalaluan; Kawalang-kabuluhan, Walang Kabuluhan; Kayamanan; Salapi

Masasamang hangarin at pagsisikap

para sa kayamanang temporal at ariarian samantalang kinaliligtaan ang mga bagay na espirituwal.

Sapagkat ano ang mapakikinabangan ng tao kung makamtan niya ang buong daigdig at mawawala ang sarili niyang kaluluwa? **Mat.** 16:26. Inilagak ang kanilang mga puso sa mga walang kabuluhang bagay ng daigdig, **Alma** 4:8 (Alma 31:27). Isantabi ang mga bagay ng daigdig na ito, **D at T** 25:10. Ang mga puso ng tao ay labis na nakatuon sa mga bagay ng daigdig na ito, **D at T** 121:35.

**KANONIKO.** *Tingnan din sa* Aklat ni Mormon; Ang Mahalagang Perlas; Banal na Kasulatan, Mga; Biblia; Doktrina at mga Tipan

Isang kinikilala, pinagsama-samang mga banal na talaan na nararapat sundin. Sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ang mga kanonikong aklat ay tinatawag na mga pamantayang gawa at kabilang dito ang Luma at Bagong Tipan, ang Aklat ni Mormon, ang Doktrina at mga Tipan, at ang Mahalagang Perlas.

**KAPAHAMAKAN.** *Tingnan din sa* Anak na Lalaki ng Kapahamakan, Mga; Diyablo; Impiyerno; Kamatayan, Espirituwal na

Ang kalagayan ng pagtigil ng pag-unlad ng isang tao at pagkakait ng pagkakataong mamuhay sa kinaroroonan ng Diyos at sa kanyang kaluwalhatian. Ang kapahamakan ay umiiral sa iba't ibang antas. Lahat ng hindi makatatamo ng kaganapan ng kadakilaang selestiyal ay mapipigilan ng ilang antas sa kanilang pag-unlad at mga pribilehiyo, at mapapahamak sila sa gayong paraan.

Sa aba ninyong mga mapagpaimbabaw! Makatatanggap kayo ng mabibigat na kapahamakan, **Mat.** 23:14. Siya na maglalapastangan sa Espiritu Santo ay manganganib sa walang hanggang kapahamakan, **Mar.** 3:29. Sila na gumawa ng masama ay babangon sa pagkabuhay na mag-uli sa kapahamakan, **Juan** 5:29 (3 Ne. 26:5). Siya na kumakain at umiinom nang di karapat-dapat ay kumakain at umiinom ng kapahamakan sa kanyang sarili, **1 Cor.** 11:29 (3 Ne. 18:28–29). Siya na hindi magsisisi, magpapabinyag, at magtitiis hanggang wakas ay tiyak na susumpain, **2 Ne.** 9:24 (Mar. 16:16; Eter 4:18; D at T 68:9; 84:74). Ang masasama ay higit na magiging kaaba-abang manahan kasama ang Diyos kaysa sa mga isinumpang kaluluwa sa impiyerno, **Morm.** 9:4. Siya na hindi gumagawa ng anumang bagay hangga't hindi siya inuutusan siya rin ay mapapahamak, **D at T** 58:29. Siya na tumatanggap ng kaganapan ng bago at walang hanggang tipan ay kailangang sumunod sa batas, o siya ay mapapahamak, **D at T** 132:6.

**KAPAHINGAHAN.** *Tingnan din sa* Araw ng Sabbath; Kapayapaan

Ang nakalulugod na kapayapaan at kalayaan mula sa pagkabalisa at kaguluhan. Ipinangako ng Panginoon ang gayong kapahingahan sa kanyang matatapat na tagasunod sa buhay na ito. Inihanda rin niya ang isang dako ng kapahingahan para sa kanila sa buhay na susunod.

Ako'y sasaiyo, at ikaw ay aking bibigyan ng kapahingahan, **Ex.** 33:14. Magsilapit sa akin, kayong lahat na nangabibigatang lubha, at kayo'y aking pagpapahingahin, **Mat.** 11:28–29. Masigasig kaming gumagawa upang makapasok sila sa kanyang kapahingahan, **Jac.** 1:7 (Heb. 4:1–11). Sinumang magsisisi ay papasok sa aking kapahingahan, **Alma** 12:34. Lubhang napakarami, silang pinadalisay, at pumasok sa kapahingahan ng Panginoon, **Alma** 13:12–16. Ang paraiso ay kalagayan ng pamamahinga, **Alma** 40:12 (Alma 60:13). Walang sinuman ang makapapasok sa kanyang kapahingahan maliban sa mga yaong nahugasan ang mga kasuotan ng aking dugo, **3 Ne.** 27:19. Magpahayag ng pagsisisi sa mga taong ito, upang makapagpahingang kasama nila sa kaharian ng aking Ama, **D at T** 15:6 (D at T 16:6). Sila na mga namatay ay mamamahinga

mula sa kanilang mga gawa, **D at T** 59:2 (Apoc. 14:13). Ang kapahingahan ng Panginoon ay kaganapan ng kanyang kaluwalhatian, **D at T** 84:24.

**KAPAKANAN.** *Tingnan din sa* Ayuno, Pag-aayuno; Limos, Paglilimos; Maralita; Pag-aalay; Paglilingkod

Ang pamamaraan ng pangangalaga ng espirituwal at temporal na mga pangangailangan ng tao.

Buksan mo nga ang iyong kamay sa iyong kapatid, sa dukha at sa nangangailangan sa iyo, sa iyong lupain, **Deut.** 15:11. Siya na nagbibigay sa dukha ay hindi masasalat, **Kaw.** 28:27. Iyan baga ang ayuno na aking pinili? Ang magbahagi ng iyong tinapay sa nagugutom, dalhin sa iyong bahay ang dukha, **Is.** 58:6–7. Ako'y nagutom at ako'y inyong pinakain; ako'y isang taga-ibang bayan at inyo akong pinatuloy. Yamang inyong ginawa ito sa isa rito sa aking mga pinakaabang kapatid, ito ay ginawa ninyo sa akin, **Mat.** 25:35–40. Ibahagi ang inyong kabuhayan sa kanya na nangangailangan, **Mos.** 4:16–26. Nagbahagi sila sa isa't isa ng pangtemporal at pang-espirituwal alinsunod sa kanilang mga pangangailangan at kakulangan, **Mos.** 18:29. Inutusan silang magkaisa sa pag-aayuno at panalangin alang-alang sa kapakanan ng mga yaong hindi nakakikilala sa Diyos, **Alma** 6:6. Manalangin para sa inyong kapakanan at para sa kapakanan ng mga yaong nasa paligid ninyo, **Alma** 34:27–28. Sila ay nagkaroon ng pagkakapantay-pantay sa lahat ng bagay sa kanila, **4 Ne.** 1:3. Alalahanin ang mga maralita, **D at T** 42:30–31. Dalawin ang mga maralita at nangangailangan, **D at T** 44:6. Alalahanin sa lahat ng bagay ang mga maralita at nangangailangan, **D at T** 52:40. Sa aba ninyong mayayaman na hindi nagbibigay ng inyong yaman sa mga maralita, at sa aba ninyong mga maralita na hindi nasisiyahan, na mga sakim at ayaw magpagal, **D at T** 56:16–17. Sa Sion ay walang mga maralita sa kanila, **Moi.** 7:18.

**KAPALALUAN.** *Tingnan din sa* Kamunduhan; Kayamanan; Kawalang-kabuluhan, Walang Kabuluhan; Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba; Salapi

Kakulangan o kawalan ng kababaang-loob o pagkamadaling turuan. Ang kapalaluan ay nagtatakda sa tao na maging kaaway ng bawat isa at ng Diyos. Itinatalaga ng palalong tao ang kanyang sarili sa ibabaw ng mga yaong nakapalibot sa kanya at sinusunod ang kanyang sariling kalooban sa halip na ang kalooban ng Diyos. Ang pagmamalaki sa sarili, inggit, pagmamatigas ng puso, at pagmamataas ay pangkaraniwan din sa isang taong palalo.

Mag-ingat na huwag makalimutan ang Panginoon nang di maging mapagmataas sa iyong puso, **Deut.** 8:11–14. Kapalaluan at kahambugan ay aking kinamumuhian, **Kaw.** 8:13 (Kaw. 6:16–17). Ang kapalaluan ay nagpapauna sa kapahamakan, **Kaw.** 16:18. Ang araw ng Panginoon ay dadalaw sa mga palalo, **Is.** 2:11–12 (2 Ne. 12:11–12). Dinaya ka ng kapalaluan ng iyong puso, **Obad.** 1:3. Ang lahat ng palalo ay magiging parang dayami, **Mal.** 4:1 (1 Ne. 22:15; 3 Ne. 25:1; D at T 29:9). At sinumang magmamataas ay ibababa, **Mat.** 23:12 (D at T 101:42). Ang Diyos ay sumasalangsang sa mga palalo, **1 Ped.** 5:5. Ang malaki at maluwang na gusali ang kapalaluan ng sanlibutan, **1 Ne.** 11:36 (1 Ne. 12:18). Kung sila ay marurunong iniisip nila na sila ay matatalino, **2 Ne.** 9:28–29. Kayo ay iniaangat sa kapalaluan ng inyong mga puso, **Jac.** 2:13, 16 (Alma 4:8–12). Nahubad na ba sa inyo ang kapalaluan? **Alma** 5:28. Labis na kapalaluan ang umusbong sa mga puso ng tao, **Hel.** 3:33–36. Kaybilis maiangat sa kapalaluan ang mga anak ng tao, **Hel.** 12:4–5. Ang kapalaluan ng bansang ito ang magpapatunay sa kanilang pagkalipol, **Moro.** 8:27. Mag-ingat sa kapalaluan, na baka kayo maging katulad ng mga Nephita, **D at T** 38:39. Tumigil sa lahat ng inyong kapalaluan at kahangalan, **D at T** 88:121.

**KAPANGYARIHAN.** *Tingnan din sa* Karapatan; Pagkasaserdote

Ang kakayahang gumawa ng isang bagay. Ang magkaroon ng kapangyarihan sa isang tao o isang bagay ay magkaroon ng kakayahang pigilin o pagutusan ang isang tao o bagay. Sa mga banal na kasulatan, ang kapangyarihan ay kadalasang nauugnay sa kapangyarihan ng Diyos o kapangyarihan ng langit. Ito ay kadalasang may kaugnayan sa karapatan ng pagkasaserdote, na siyang pahintulot o karapatang kumilos para sa Diyos.

Dahil dito ay ibinangon kita, upang maipakilala sa iyo ang aking kapangyarihan, **Ex.** 9:16. Ang Diyos ay aking lakas at kapangyarihan, **2 Sam.** 22:33. Huwag ikait ang mabuti sa kinauukulan, pagkat nasa kapangyarihan ng iyong kamay na ito'y gawin, **Kaw.** 3:27. Tunay na ako'y puspos ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Espiritu ng Panginoon, **Mi.** 3:8. Ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa ibabaw ng lupa ay naibigay na sa akin, **Mat.** 28:18. Nangagtaka sila sa kanyang doktrina, sapagkat may kapangyarihan ang kanyang salita, **Lu.** 4:32. Magsipanatili kayo sa bayan, hanggang sa kayo'y masangkapan ng kapangyarihang galing sa itaas, **Lu.** 24:49. Kasindami ng sa kanya'y nagsitanggap, ay pinagkalooban niya sila ng karapatang maging mga anak ng Diyos, **Juan** 1:12 (D at T 11:30). Tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Espiritu Santo, **Gawa** 1:8. Walang kapangyarihan na hindi mula sa Diyos, **Rom.** 13:1. Sa kapangyarihan ng Diyos kayo ay iniingatan sa pamamagitan ng pananampalataya sa ikaliligtas, **1 Ped.** 1:3–5. Ako'y puspos ng kapangyarihan ng Diyos, **1 Ne.** 17:48. Ipinaalam din ito sa akin sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, **Jac.** 7:12. Ang tao ay maaaring magkaroon ng dakilang kapangyarihan na ibinigay sa kanya ng Diyos, **Mos.** 8:16. Sila ay nagturo nang may kapangyarihan at karapatan ng Diyos, **Alma** 17:2–3. Si Nephi ay nangaral nang may kapangyarihan at dakilang karapatan, **3 Ne.** 7:15–20 (3 Ne. 11:19–22). Bagaman ang tao ay may kapangyarihang makagawa ng mga makapangyarihang gawa, kung siya ay magyayabang sa kanyang sariling lakas siya ay tiyak na babagsak, **D at T** 3:4. Ang kapangyarihang gumawa ng mabuti ay nasa bawat tao, **D at T** 58:27–28. Sa mga ordenansa ng Pagkasaserdoteng Melquisedec ang kapangyarihan ng kabanalan ay makikita, **D at T** 84:19–22. Ang mga karapatan ng pagkasaserdote ay hindi mapaghihiwalay sa mga kapangyarihan ng langit, **D at T** 121:34–46. Akin kitang aakayin ng aking kamay, at ang aking kapangyarihan ay mapapasaiyo, **Abr.** 1:18.

**KAPARUSAHAN, PARURUSAHAN.** *Tingnan din sa* Hatol, Paghatol; Paghuhukom, Ang Huling

Ang maghatol o mahatulang may-sala ng Diyos.

Parurusahan ng Diyos ang isang taong may masasamang katha, **Kaw.** 12:2. Pinarurusahan tayo ng Panginoon, upang huwag tayong mahatulang kasama ng sanlibutan, **1 Cor.** 11:32. Isusumpa tayo ng ating mga salita, gawa, at isip, **Alma** 12:14. Sa pag-alam ng mga bagay at hindi paggawa ng mga yaon, ang mga tao ay napasasailalim sa kaparusahan, **Hel.** 14:19. Kung tayo'y titigil sa pagpapagal, tayo ay madadala sa ilalim ng sumpa, **Moro.** 9:6. Siya na hindi nagpapatawad sa kanyang kapatid ay hahatulan sa harap ng Panginoon, **D at T** 64:9. Siya na nagkasala laban sa mas dakilang liwanag ay tatanggap ng mas malaking kaparusahan, **D at T** 82:3. Ang buong Simbahan ay napasailalim ng kaparusahan hangga't hindi sila nagsisisi at inaalaala ang Aklat ni Mormon, **D at T** 84:54–57.

**KAPATAWARAN NG MGA KASALANAN.** *Tingnan din sa* Bayad-sala, Pagbabayad-sala; Jesucristo; Magpatawad; Magsisi, Pagsisisi

Pagpapatawad sa mga kasamaan ba-

tay sa pagsisisi. Ang pagpapatawad sa mga kasalanan ay maaaring mangyari sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Jesucristo. Nakatatamo ang isang tao ng kapatawaran sa kanyang mga kasalanan kung siya ay may pananampalataya kay Cristo, nagsisisi ng kanyang mga kasalanan, tinatanggap ang mga ordenansa ng pagbibinyag at pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo, at sumusunod sa mga kautusan ng Diyos (S ng P 1:3–4).

Bagaman ang inyong mga kasalanan ay maging tila mapula, ay magiging mapuputi na parang niebe, **Is.** 1:16–18. Ito ang aking dugo na nabubuhos dahil sa marami sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan, **Mat.** 26:28 (Heb. 9:22–28; D at T 27:2). Magsisi kayo, at magpabinyag sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, **Gawa** 2:38 (Lu. 3:3; D at T 107:20). Sila na mga naniniwala kay Jesus ay magkakamit ng kapatawaran sa mga kasalanan, **Gawa** 10:43 (Mos. 3:13). Kay Cristo sila makatatanaw para sa kapatawaran ng mga kasalanan, **2 Ne.** 25:26. Upang mapanatili ang kapatawaran ng ating mga kasalanan, dapat nating kalingain ang mga maralita at nangangailangan, **Mos.** 4:11–12, 26. Sinumang magsisisi ay magkakaroon ng pag-aangkin sa awa, sa ikapagpapatawad ng kanyang mga kasalanan, **Alma** 12:34. Ang pagtupad sa mga kautusan ay nagdadala ng kapatawaran ng mga kasalanan, **Moro.** 8:25. Ang Pagkasaserdoteng Aaron ang may hawak ng mga susi ng pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan, **D at T** 13:1 (D at T 84:64, 74; S ng P 1:4). Ako, ang Panginoon, ay hindi na naaalaala ang mga kasalanan nila, **D at T** 58:42–43 (Ez. 18:21–22). Itinuro sa mga ito ang pagbibinyag alang-alang sa iba para sa ikapapatawad ng mga kasalanan, **D at T** 138:33.

**KAPATID, MGA; KAPATID NA LALAKI; KAPATID NA BABAE.** *Tingnan din sa* Tao, Mga Tao

Bilang mga anak ng ating Ama sa Langit, lahat ng lalaki at babae ay espirituwal na magkakapatid. Sa Simbahan, ang mga kasapi at kaibigan ng Simbahan ay kadalasang tinatawag na mga kapatid.

Sino mang gumaganap ng kalooban ng aking Ama, ay siyang aking kapatid na lalaki at babae, **Mat.** 12:50 (Mar. 3:35). Kapag ikaw ay nagbalik-loob, pagtibayin ang iyong mga kapatid, **Lu.** 22:32. Siya na hindi nagmamahal sa kanyang kapatid ay nananahan sa kamatayan, **1 Juan** 3:10–17. Ituring ang inyong mga kapatid nang tulad sa inyong sarili, **Jac.** 2:17. Pahalagahan ng bawat tao ang kanyang kapatid gaya ng kanyang sarili, **D at T** 38:24–25. Ang mga batas na pinamamahalaan ng pagtatapat ng mga kasalanan sa kapatid na lalaki at babae sa Simbahan ay ipinahayag, **D at T** 42:88–93. Patatagin ang iyong mga kapatid sa lahat ng iyong pakikipag-usap, **D at T** 108:7.

**KAPAYAPAAN.** *Tingnan din sa* Kapahingahan; Milenyo; Tagapamayapa

Sa mga banal na kasulatan, ang kapayapaan ay maaaring nangangahulugan ng kalayaan mula sa labanan at kaguluhan o panloob na katahimikan at kaginhawahan na dulot ng Espiritu na ibinibigay ng Diyos sa kanyang matatapat na Banal.

*Kalayaan mula sa labanan at kaguluhan:* Kanyang pinapaglilikat ang mga pagdidigma, **Awit** 46:9. Ni hindi na sila mag-aaral pa ng pakikidigma, **Is.** 2:4. Makipamuhay nang payapa sa lahat ng tao; huwag ipaghiganti ang inyong sarili, **Rom.** 12:18–21. Mayroon pang kapayapaan sa lupain, **4 Ne.** 1:4, 15–20. Talikuran ang digmaan at ipahayag ang kapayapaan, **D at T** 98:16. Magtaas ng sagisag ng kapayapaan, **D at T** 105:39.

*Katahimikan mula sa Diyos para sa mga masunurin:* Ang Tagapagligtas ay tatawaging Prinsipe ng Kapayapaan, **Is.** 9:6. Walang kapayapaan sa masasama, **Is.** 48:22. May isang makalangit na hukbo, nagbibigay-papuri sa Diyos na

nagsasabing, Luwalhati sa Diyos sa kataas-taasan, at sa lupa'y kapayapaan, **Lu.** 2:13–14. Kapayapaan ang iniiwan ko sa inyo, **Juan** 14:27. Ang kapayapaan ng Diyos ay di masuyod ng pag-iisip, **Fil.** 4:7. Ang mga tao ni Haring Benjamin ay nakatamo ng kapayapaan ng budhi, **Mos.** 4:3. Kaygan-da sa mga bundok ang mga paa ng mga yaong naglalathala ng kapayapaan, **Mos.** 15:14–18 (Is. 52:7). Si Alma ay nagsumamo sa Panginoon at natagpuan niya ang kapayapaan, **Alma** 38:8. Ang mga espiritu ng yaong mabubuti ay tatanggapin sa kalagayan ng kapayapaan, **Alma** 40:12. Hindi nga ba't ako ay nangusap ng kapayapaan sa iyong isipan hinggil sa bagay na ito? **D at T** 6:23. Lumakad sa kaamuan ng aking Espiritu, at ikaw ay magkakaroon ng kapayapaan sa akin, **D at T** 19:23. Siya na gumagawa ng mga gawa ng kabutihan ay makatatanggap ng kapayapaan, **D at T** 59:23. Damitan ang inyong sarili ng bigkis ng pag-ibig sa kapwatao, na bigkis ng pagiging ganap at kapayapaan, **D at T** 88:125. Aking anak, kapayapaan ay sumaiyong kaluluwa, **D at T** 121:7. Nalalamang may higit na kapayapaan, aking hinangad ang mga pagpapala ng mga ama, **Abr.** 1:2.

**KAPULUNGAN NG LABINDALAWA.** *Tingnan sa* Apostol

**KAPULUNGAN SA LANGIT.** *Tingnan din sa* Buhay Bago pa ang Buhay na Ito; Digmaan sa Langit; Plano ng Pagtubos

Ang pangyayari sa buhay bago pa naging mortal nang ilahad ng Ama ang plano niya sa kanyang mga espiritung anak na patutungo sa mundong ito.

Ang mga anak ng Diyos ay naghiyawan sa galak, **Job** 38:7. Aking itataas ang aking luklukan sa itaas ng mga bituin ng Diyos, **Is.** 14:12–13. Nagkaroon ng digmaan sa langit, **Apoc.** 12:7–11. Bago sila isinilang, kanilang natanggap ang una nilang aral sa daigdig ng mga espiritu, **D at T** 138:56. Naghimagsik si Satanas sa buhay bago pa naging mortal, **Moi.** 14:1–4. Binuo ang mga katalinuhan bago pa man nilikha ang daigdig, **Abr.** 3:22. Ang mga Diyos ay nagsanggunian, **Abr.** 4:26. Tinapos ng mga Diyos ang gawaing pinag-usapan nilang gagawin, **Abr.** 5:2.

**KARAMDAMAN, MAY KARAMDAMAN**

Ang magkaroon ng sakit. Sa mga banal na kasulatan, ang katawang may karamdaman ay nagsisilbi kung minsan na isang sagisag nang kawalan ng espirituwal na lakas (Is. 1:4–7; 33:24).

Aking narinig ang iyong panalangin, aking nakita ang iyong mga luha: narito, aking pagagalingin ka, **2 Hari** 20:1–5 (2 Cron. 32:24; Is. 38:1–5). Naglibot si Jesus nagpapagaling ng lahat ng uri ng sakit, **Mat.** 4:23–24 (1 Ne. 11:31; Mos. 3:5–6). Ang mga walang sakit ay hindi nangangailangan ng manggagamot, kundi ang mga maysakit, **Mat.** 9:10–13 (Mar. 2:14–17; Lu. 5:27–32). May sakit ba ang sinuman sa inyo? Ipatawag niya ang mga elder, **Sant.** 5:14–15. Dadalhin ni Cristo ang mga hapdi at sakit ng kanyang mga tao, **Alma** 7:10–12. Pinagaling ni Jesus ang lahat ng may karamdaman sa mga Nephita, **3 Ne.** 26:15. Pakainin ang may karamdaman nang may pagmamahal, ng mga halamang gamot, at pagkaing madaling matunaw, **D at T** 42:43 (Alma 46:40). Alalahanin sa lahat ng bagay ang may karamdaman at ang naghihirap, **D at T** 52:40. Ipatong ang iyong mga kamay sa mga may karamdaman, at sila ay gagaling, **D at T** 66:9.

**KARANGALAN.** *Tingnan din sa* Paggalang; Pahalagahan

Sa karaniwang pagkakagamit sa mga banal na kasulatan, ang magpakita ng paggalang at pitagan sa isang tao o isang bagay.

Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina, **Ex.** 20:12 (1 Ne. 17:55; Mos. 13:20). Parangalan mo ang Panginoon sa pamamagitan ng iyong kabuhayan, **Kaw.** 3:9. Ang sinumang tao na maglilingkod sa akin, pararangalan siya ng aking Ama,

**Juan** 12:26. Nararapat magbigay ng paggalang ang mga lalaki sa kanilang mga asawa, **1 Ped.** 3:7. Sa kanilang mga labi lamang pinapupurihan nila ang Panginoon, **2 Ne.** 27:25 (Is. 29:13). Hindi ako naghahangad ng papuri ng sanlibutan, **Alma** 60:36. Naghimagsik ang diyablo laban sa akin, sinasabing, Ibigay mo sa akin ang iyong karangalan, na aking kapangyarihan, **D at T** 29:36. Ang matatapat ay puputungan ng karangalan, **D at T** 75:5 (D at T 124:55). Nagagalak ang Panginoon na parangalan ang mga yaong naglilingkod sa kanya, **D at T** 76:5. Hindi sila pinili sapagkat hinangad nila ang mga papuri ng mga tao, **D at T** 121:34–35. Naniniwala kami sa paggalang at pagtataguyod ng batas, **S ng P** 1:12 (D at T 134:6).

**KARAPATAN.** *Tingnan din sa* Kapangyarihan; Ordenan, Pag-oorden; Pagkasaserdote; Susi ng Pagkasaserdote, Mga; Tawag, Tinawag ng Diyos, Pagkakatawag

Ang kapahintulutang ipinagkaloob sa tao sa mundo na tinawag o inordenan upang kumilos para kay at alang-alang sa Diyos Ama o Jesucristo sa paggawa ng gawain ng Diyos.

Isinugo kita, **Ex.** 3:12–15. Sabihin ang lahat ng iniutos ko sa iyo, **Ex.** 7:2. Binigyan niya ng kapangyarihan ang labindalawang disipulo, **Mat.** 10:1. Ako'y hindi ninyo pinili, ngunit kayo'y pinili ko, at inorden kayo, **Juan** 15:16. Nangaral sina Nephi at Lehi nang may dakilang karapatan, **Hel.** 5:18. Si Nephi, na anak ni Helaman, ay isang tao ng Diyos, na may dakilang kapangyarihan at karapatan mula sa Diyos, **Hel.** 11:18 (3 Ne. 7:17). Nagbigay si Jesus ng kapangyarihan at karapatan sa labindalawang Nephita, **3 Ne.** 12:1–2. Si Joseph Smith ay tinawag ng Diyos at inordenan, **D at T** 20:2. Walang sinumang mangangaral ng aking ebanghelyo o magtatatag ng aking simbahan maliban sa siya ay inordenan at alam sa simbahan na siya ay may karapatan, **D at T** 42:11. Ipangangaral ng mga elder ang ebanghelyo, gumaganap nang may karapatan, **D at T** 68:8. Ang Pagkasaserdoteng Melquisedec ay may karapatang mamahala sa mga espirituwal na bagay, **D at T** 107:8, 18–19. Anuman ang ginawa ng may banal na karapatan ay nagiging batas, **D at T** 128:9. Sinumang nangangaral o naglilingkod para sa Diyos ay kinakailangang tawagin ng Diyos sa pamamagitan ng mga yaong may karapatan, **S ng P** 1:5.

**KARAPAT-DAPAT, PAGIGING KARAPAT-DAPAT.** *Tingnan din sa* Matwid, Katwiran

Ang pagiging matwid na tao at tumayong may pagsang-ayon sa paningin ng Diyos at sa kanyang mga hinirang na pinuno.

Siya na hindi nagpapasan ng kanyang krus ay hindi karapat-dapat sa akin, **Mat.** 10:38. Ang manggagawa ay karapat-dapat sa kanyang upa, **Lu.** 10:7 (D at T 31:5). Tiyaking inyong ginagawa ang lahat ng bagay nang karapat-dapat, **Morm.** 9:29. Hindi sila bininyagan maliban kung sila'y karapat-dapat, **Moro.** 6:1. Ang tamad ay hindi ibibilang na karapat-dapat tumindig, **D at T** 107:100. Siya na hindi makapagbabata ng pagpaparusa ay hindi karapat-dapat sa aking kaharian, **D at T** 136:31. Ang pagkasaserdote ay iginagawad sa lahat ng karapat-dapat na lalaking kasapi, **D at T** OP—2.

**KARUMAL-DUMAL, KARUMAL-DUMAL NA GAWA.** *Tingnan din sa* Kasalanan

Sa mga banal na kasulatan, anumang bagay na nagdudulot ng pagkamuhi at pagkapoot sa mabubuti at dalisay.

Ang mga sinungaling na labi ay karumal-dumal sa Panginoon, **Kaw.** 12:22. Ang kapalaluan ay karumal-dumal sa paningin ng Panginoon, **Jac.** 2:13–22. Nakatalaga ang masasama sa pagtanaw sa sarili nilang karumal-dumal na gawa, **Mos.** 3:25. Ang kahalayan ang pinakakarumal-dumal sa lahat ng kasalanan maliban sa pagpaslang at pagtatwa sa Espiritu Santo, **Alma** 39:3–5. Ang galit ng Panginoon ay nagsisiklab

laban sa kanilang mga karumal-dumal na gawa, **D at T** 97:24.

**KARUMAL-DUMAL NA SIMBAHAN.** *Tingnan sa* Diyablo—Ang simbahan ng diyablo

**KARUNUNGAN.** *Tingnan din sa* Kaalaman; Katotohanan; Pagkaunawa

Ang kakayahan o isang kaloob mula sa Diyos upang makapaghatol nang wasto. Nakatatamo ng karunungan ang isang tao sa pamamagitan ng karanasan at pag-aaral at pagsunod sa mga payo ng Diyos. Kung walang tulong mula sa Diyos, ang tao'y hindi magtataglay ng tunay na karunungan (2 Ne. 9:28; 27:26).

Pinagkalooban ng Diyos ng karunungan si Solomon, **1 Hari** 4:29–30. Karunungan ang pinakapangulong bagay: kaya't kunin mo ang karunungan, **Kaw.** 4:7. Siya na nakatamo ng karunungan ay nagmamahal sa kanyang sariling kaluluwa, **Kaw.** 19:8. Si Jesus ay napuspos ng karunungan, **Lu.** 2:40, 52. Kung nagkukulang ng karunungan ang sinuman sa inyo, ay humingi sa Diyos, **Sant.** 1:5 (D at T 42:68; JS—K 1:11). Sinasabi ko sa inyo ang mga bagay na ito upang inyong matamo ang karunungan, **Mos.** 2:17. Matuto ng karunungan sa iyong kabataan, **Alma** 37:35. Ang mga Banal ay makatatagpo ng karunungan at malaking kayamanan ng kaalaman, **D at T** 89:19. Siya na walang alam ay matuto ng karunungan sa pamamagitan ng pagpapakumbaba ng kanyang sarili at pagtawag sa Panginoon, **D at T** 136:32.

**KASAL, PAGPAPAKASAL.** *Tingnan din sa* Diborsiyo; Mag-anak

Isang itinutulot ng batas na tipan o kasunduan sa pagitan ng isang lalaki at isang babae na nagtatakda sa kanila na maging mag-asawa. Ang Diyos ang nag-orden ng kasal (D at T 49:15).

Hindi mabuti na ang lalaki ay mag-isa, **Gen.** 2:18 (Moi. 3:18). Ang lalaki ay makikipisan sa kanyang asawa, at sila ay magiging isang laman, **Gen.** 2:24 (Mat. 19:5; Abr. 5:18). Ang pinapagsama nga ng Diyos, ay huwag papaghiwalayin ng tao, **Mat.** 19:6 (Mar. 10:9). Sa mga huling araw, ang iba ay magsisitalikod sa pananampalataya, ipinagbabawal ang pag-aasawa, **1 Tim.** 4:1–3. Ang kasal ay marangal, **Heb.** 13:4. Inutusan ng Panginoon ang mga anak ni Lehi na pakasalan ang mga anak ni Ismael, **1 Ne.** 7:1, 5 (1 Ne. 16:7–8). Nilalang ng Diyos sina Adan at Eva na maging mag-asawa, **Moi.** 3:7, 18, 21–25.

*Bago at walang hanggang tipan ng kasal:* Ang kasal na ginaganap sa ilalim ng batas ng ebanghelyo at ng banal na pagkasaserdote ay para sa buhay na ito at para sa kawalang-hanggan. Ang mga karapat-dapat na lalaki at babae na nabuklod sa templo sa ilalim ng kasal ay maaaring magpatuloy bilang mag-asawa magpasawalang hanggan.

Itinuro ni Jesus ang batas ng kasal, **Lu.** 20:27–36. Ang lalaki ay di maaaring walang babae sa Panginoon, **1 Cor.** 11:11. Ang mag-asawa ay magkasamang tagapagmana ng biyaya ng buhay, **1 Ped.** 3:7. Anuman ang ibubuklod mo sa lupa ay mabubuklod sa langit, **Hel.** 10:7 (Mat. 16:19). Upang matamo ang pinakamataas na antas ng kahariang selestiyal, ang isang tao ay nararapat na pumasok sa bago at walang hanggang tipan ng kasal, **D at T** 131:1–4. Kung ang lalaki ay nagpakasal sa isang babae ng hindi sa pamamagitan ko, ang kanilang tipan at kasal ay walang bisa kapag sila ay patay na, **D at T** 132:15. Kung ang lalaki ay mag-aasawa sa pamamagitan ng salita ko at sa pamamagitan ng bago at walang hanggang tipan, at ito ay ibinuklod ng Banal na Espiritu ng Pangako, ito ay may buong bisa kung sila ay wala na sa daigdig, **D at T** 132:19.

*Pagpapakasal sa hindi kasampalataya:* Kasal ng isang lalaki at babae na magkaiba ang paniniwala at mga kaugalian.

Hindi mo papag-aasawahin ang aking anak sa mga anak ng mga Canaanita, **Gen.** 24:3. Kung si Jacob ay mag-asawa sa mga anak ni Het, ano pang kabuluhan sa akin ng aking buhay? **Gen.** 27:46

(Gen. 28:1–2). Ang Israel ay hindi pakakasalan ang mga Canaanita, **Deut.** 7:3–4. Ang Israel ay nagpakasal sa mga Canaanita, naglingkod sa mga di tunay na diyos, at isinumpa, **Huk.** 3:1–8. Ang mga asawa ni Solomon ay ibinaling ang kanyang puso sa pagsamba sa mga di tunay na diyos, **1 Hari** 11:1–6. Hindi namin ibibigay ang aming mga anak na babae sa mga bayan ng lupain, o papag-asawahin ang kanilang mga anak na babae para sa aming mga anak na lalaki, **Neh.** 10:30. Huwag kayong makipamatok ng kabilang sa mga di nagsisisampalataya, **2 Cor.** 6:14. Ang Panginoon ay naglagay ng tanda sa mga Lamanita upang ang mga Nephita ay di humalo at maniwala sa mga maling tradisyon, **Alma** 3:6–10. Kung ang lalaki ay nagpakasal sa isang babae nang hindi sa pamamagitan ko, ang kanilang tipan at kasal ay walang bisa kapag sila ay patay na, **D at T** 132:15. Ang mga anak ng tao ay kumuha ng kanilang mga asawa maging ayon sa kanilang pagpili, **Moi.** 8:13–15.

*Maramihang pagpapakasal:* Ang pagpapakasal ng isang lalaki sa dalawa o higit pang buhay na babae. Itinutulot ng batas na ang isang lalaki ay magkaroon lamang ng isang asawa, maliban kung iutos ng Panginoon sa pamamagitan ng paghahayag (Jac. 2:27–30). Sa pamamagitan ng paghahayag, ang maramihang pagpapakasal ay ginawa sa panahon ng Lumang Tipan at sa mga unang araw ng pinanumbalik na Simbahan sa tagubilin ng propeta na nagtataglay ng mga susi ng pagkasaserdote (D at T 132:34–40, 45). Hindi na ito ginagawa sa Simbahan (D at T OP—1); ngayon, ang pagkakaroon ng higit sa isang asawa ay salungat sa pagsapi sa Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Ibinigay ni Sarai si Agar kay Abram upang maging asawa, **Gen.** 16:1–11. Tinanggap ni Jacob sina Lea at Raquel at ang kanilang mga babaing alipin bilang mga asawa, **Gen.** 29:21–28 (Gen. 30:4, 9, 26). Kung ang lalaki ay mag-aasawa pa ng iba, hindi niya babawasan ang mga ari-arian ng unang asawa, **Ex.** 21:20. Si David at ang kanyang dalawang asawa ay nagtungo sa Hebron, **2 Sam.** 2:1–2. Sina Abraham, Isaac at Jacob ay ginawa ang yaong iniutos sa kanila sa pagtanggap ng maraming asawa, **D at T** 132:37. Sina David at Solomon ay di nagkasala sa anuman maliban sa mga yaon na hindi nila tinanggap mula sa Panginoon, **D at T** 132:38–39.

**KASAL SA TEMPLO.** *Tingnan sa* Kasal, Pagpapakasal

**KASALANAN.** *Tingnan din sa* Karumal-dumal, Karumal-dumal na Gawa; Kawalang-katwiran, Hindi Matwid; Makasakit; Makasalanan; Marumi, Karumihan; Masama, Kasamaan; Paghihimagsik

Sadyang di pagsunod sa mga kautusan ng Diyos.

Siya na nagtatakip ng kanyang mga pagsalansang ay hindi giginhawa, **Kaw.** 28:13. Bagaman ang inyong mga kasalanan ay maging tila mapula, ay magiging mapuputi na parang niebe, **Is.** 1:18. Mamamatay ang mga makasalanan, at maliligtas ang mabubuti, **Ez.** 18. Ang Kordero ng Diyos ang nagaalis ng kasalanan ng sanlibutan, **Juan** 1:29. Magpabinyag, at hugasan ang inyong mga kasalanan, **Gawa** 22:16. Kamatayan ang kabayaran ng kasalanan, **Rom.** 6:23. Sa nakaaalam nga ng paggawa ng mabuti, at hindi ginagawa, ito ay kasalanan sa kanya, **Sant.** 4:17. Maaari bang gawin ninyong ako ay manginig sa paglitaw ng kasalanan, **2 Ne.** 4:31. Sa aba nilang lahat na namatay sa kanilang mga kasalanan, **2 Ne.** 9:38. Hindi sila makatitingin sa kasalanan maliban nang may pagkapoot, **Alma** 13:12. Huwag mong ipalagay na ikaw ay manunumbalik mula sa kasalanan tungo sa kaligayahan, **Alma** 41:9–10. Ang Panginoon ay hindi makatitingin sa kasalanan na may munti mang antas ng pagpapahintulot, **Alma**

45:16 (D at T 1:31). Walang kakayahan ang maliliit na bata na magkasala, **Moro.** 8:8. Ang magsisi, dapat magtapat at talikuran ng mga tao ang kanilang mga kasalanan, **D at T** 58:42–43. Mananatili ang mas malaking kasalanan sa kanya na hindi magpapatawad, **D at T** 64:9. Siya na nagkasala laban sa mas dakilang liwanag ay tatanggap ng mas malaking kaparusahan, **D at T** 82:3. Yaong tao na nagkasala ay mababalik ang dating mga kasalanan, **D at T** 82:7. Kung ating tatangkaing pagtakpan ang ating mga kasalanan, ang kalangitan ay lalayo, **D at T** 121:37.

**KASAYSAYAN NG MAG-ANAK.** *Tingnan sa* Kaligtasan para sa mga Patay; Talaangkanan

**KASIGASIGAN**

Hindi pabagu-bago, magiting na pagsusumikap, lalung-lalo na sa paglilingkod sa Panginoon at sa pagsunod sa kanyang salita.

Buong sigasig na pakinggan ninyo ako, **Is.** 55:2. Ang Diyos ang siyang tagapagbigay ganti sa kanila na buong sigasig siyang hinahanap, **Heb.** 11:6. Sa pagbibigay ng buong pagsusumigasig, idagdag sa inyong pananampalataya ang kagalingan, **2 Ped.** 1:5. Ituro ang salita ng Diyos ng buong sigasig, **Jac.** 1:19. Sinaliksik nila ang mga banal na kasulatan ng buong sigasig, **Alma** 17:2. Sila ay handa lakip ang buong pagsusumigasig na sundin ang mga kautusan, **3 Ne.** 6:14. Tayo ay masigasig na magpagal, **Moro.** 9:6. Maging sabik sa paggawa ng mabuti, **D at T** 58:27. Ni maging tamad bagkus ay gumawa ng inyong buong lakas, **D at T** 75:3. Makinig na mabuti sa mga salita ng buhay na walang hanggan, **D at T** 84:43. Ang bawat tao ay matuto ng kanyang tungkulin at kumilos ng buong sigasig, **D at T** 107:99.

**KASINTAHANG LALAKI.** *Tingnan din sa* Jesucristo

Isinasagisag si Jesucristo sa mga banal na kasulatan bilang Kasintahang Lalaki. Ang Simbahan ang sumasagisag sa kanyang kasintahang babae.

Sampung dalaga ang humayo upang salubungin ang Kasintahang Lalaki, **Mat.** 25:1–13. Siya na nagtatangkilik sa kasintahang babae ay ang Kasintahang Lalaki, **Juan** 3:27–30. Pinagpala sila na mga naanyayahan sa hapunan ng kasal ng Kordero, **Apoc.** 19:5–10. Maging handa sa pagparito ng Kasintahang Lalaki, **D at T** 33:17. Maghanda para sa Lalaking Kasintahan, **D at T** 65:3.

**KASTIGO.** *Tingnan sa* Parusa, Pagpaparusa

**KATALINUHAN, MGA KATALINUHAN.** *Tingnan din sa* Espiritu; Ilaw, Liwanag ni Cristo; Katotohanan

May ilang kahulugan ang katalinuhan, tatlo sa mga ito ay: (1) Ito ang ilaw ng katotohanan na nagbibigay ng buhay at tanglaw sa lahat ng bagay sa sansinukob. Ito ay palagiang umiiral. (2) Ang salitang *mga katalinuhan* ay maaaring tumukoy rin sa mga espiritung anak ng Diyos. (3) Maaaring bumanggit din ang mga banal na kasulatan ng tungkol sa katalinuhan bilang pagtukoy sa elementong espiritu na umiiral bago tayo isinilang bilang mga espiritung anak.

Ang katalinuhan ay kumukunyapit sa katalinuhan, **D at T** 88:40. Hindi nilikha o ginawa ang katalinuhan, **D at T** 93:29. Lahat ng katalinuhan ay nagsasarili sa yaong katayuan na pinaglagyan ng Diyos, **D at T** 93:30. Ang kaluwalhatian ng Diyos ay katalinuhan, **D at T** 93:36–37. Ang katalinuhang natamo sa buhay na ito ay babangon kasama natin sa pagkabuhay na mag-uli, **D at T** 130:18–19. Naghahari ang Panginoon sa lahat ng katalinuhan, **Abr.** 3:21. Ipinakita ng Panginoon kay Abraham ang mga katalinuhan na binuo bago pa itatag ang daigdig, **Abr.** 3:22.

**KATAPUSAN NG DAIGDIG.** *Tingnan sa* Daigdig—Katapusan ng daigdig

**KATARUNGAN.** *Tingnan din sa* Awa, Maawain; Bayad-sala, Pagbabayad-sala

Ang walang maliw na bunga ng mga pagpapala sa pagkakaroon ng mabubuting pag-iisip at gawa, at kaparusahan sa mga hindi pinagsisihang kasalanan. Ang katarungan ay isang walang hanggang batas na nangangailangan ng isang kaparusahan sa bawat saglit na ang isang batas ng Diyos ay hindi sinunod (Alma 42:13–24). Kinakailangang pagbayaran ng nagkasala ang kaparusahan kung hindi siya magsisisi (Mos. 2:38–39; D at T 19:17). Kung siya ay magsisisi, babayaran ng Tagapagligtas ang kaparusahan sa pamamagitan ng pagbabayad-sala, na humihingi ng awa (Alma 34:16).

Ang kaluluwa na nagkakasala ay mamamatay, **Ez.** 18:4. Ano ang hinihingi ng Panginoon sa iyo, kundi gumawa nang may katarungan? **Mi.** 6:8. Si Jesus ay magiging makatarungan at patatawarin ang ating mga kasalanan, **1 Juan** 1:9. Ang katarungan ng Diyos ang humihiwalay sa masasama mula sa mabubuti, **1 Ne.** 15:30. Ang pagbabayad-sala ang nakasiya sa hinihingi ng kanyang katarungan, **2 Ne.** 9:26. Ang buong sangkatauhan ay nahulog at napanghahawakan ng katarungan, **Alma** 42:14. Tinugon ng pagbabayad-sala ang hinihingi ng katarungan, **Alma** 42:15. Iyo bang ipinalalagay na ang awa ay makaaagaw sa katarungan? **Alma** 42:25. Nakaumang ang katarungan ng Diyos sa inyo maliban kung magsisisi kayo, **Alma** 54:6. Ang katarungan at kahatulan ang mga kaparusahang nakakapit sa aking batas, **D at T** 82:4. Ang katarungan ay nagpapatuloy sa kanyang ginagalawan at inaangkin ang kanya, **D at T** 88:40. Walang di-saklaw ng katarungan at mga batas ng Diyos, **D at T** 107:84.

**KATAWAN.** *Tingnan din sa* Kaluluwa; Kamatayan, Pisikal na; Pagkabuhay na Mag-uli; Tiyak na Pagkamatay, May Kamatayan

Ang may kamatayan, pisikal na anyo ng laman at mga buto na nilikha alinsunod sa larawan ng Diyos na sinamahan ng espiritu upang maging buhay na tao. Ang mga pisikal na katawan at espiritu ng lahat ng kalalakihan at kababaihan ay muling magsasama magpasawalang hanggan sa pagkabuhay na mag-uli. Paminsan-minsan tumutukoy ang mga banal na kasulatan sa pinagsamang katawan at espiritu bilang isang kaluluwa (Gen. 2:7; D at T 88:15; Moi. 3:7, 9, 19; Abr. 5:7).

Inanyuan ng Panginoong Diyos ang tao mula sa alabok ng lupa, **Gen.** 2:7 (Moi. 3:7). Hawakan ako at tingnan, sapagkat ang isang espiritu ay walang laman at mga buto, **Lu.** 24:39. Hinahampas ko ang aking katawan at sinusupil ito, **1 Cor.** 9:27. May katawang lupa, at may katawang espiritu, **1 Cor.** 15:44. Ang katawang walang espiritu ay patay, **Sant.** 2:26. Ang katawang may kamatayan ay magbabangon sa isang walang kamatayang katawan, **Alma** 11:43–45. Bawat bahagi ng katawan ay manunumbalik, **Alma** 41:2. Ipinakita ni Jesus ang kanyang nabuhay na mag-uling katawan sa mga Nephita, **3 Ne.** 10:18–19; 11:13–15. Ang Ama ay may katawang laman at mga buto na nahihipo gaya ng sa tao; ang Anak din, **D at T** 130:22. Nilalang ng Diyos ang lalaki at babae alinsunod sa larawan ng kanyang sariling katawan, **Moi.** 6:9 (Gen. 9:6).

**KATIWALA, IPINAGKATIWALA.** *Tingnan din sa* Tawag, Tinawag ng Diyos, Pagkakatawag

Isang taong nangangalaga sa kabuhayan o ari-arian ng iba. Yaong mga pinapangalagaan ng isang katiwala ay tinatawag na ipinagkatiwala. Lahat ng bagay na nasa ibabaw ng lupa ay pag-aari ng Panginoon; tayo ang kanyang mga katiwala. Tayo ang mananagot sa Panginoon, subalit maaari nating maiulat ang ipinagkatiwala sa atin sa mga binigyan ng karapatan na kumatawan sa Diyos. Kapag nakatanggap tayo ng isang tungkuling maglingkod buhat sa Panginoon o sa kanyang binigyan ng karapatang mga tagapaglingkod, ma-

aaring kabilang sa ipinagkatiwalang yaon ang espirituwal at maging temporal na mga gawain (D at T 29:34).

Matapat ka sa kakaunting bagay, pamamahalain kita sa maraming bagay, **Mat.** 25:14–23. Sa sinumang binigyan ng marami ay marami ang hihingin sa kanya, **Lu.** 12:48 (D at T 82:3). Nagbigay si Jesus ng talinghaga ng di matwid na katiwala, **Lu.** 16:1–8. Sinuman ang matatagpuang isang matapat na katiwala ay papasok sa kagalakan ng kanyang Panginoon, **D at T** 51:19. Ang bawat tao ay magbibigay-sulit ng kanyang pangangasiwa, **D at T** 72:3–5. Siya na isang matapat at matalinong katiwala ay magmamana ng lahat ng bagay, **D at T** 78:22. Pananagutin ng Panginoon ang bawat tao bilang isang katiwala sa mga pagpapala ng lupa, **D at T** 104:11–17 (D at T 42:32). Maging masigasig nang kayo ay maging marunong na katiwala, **D at T** 136:27.

**KATOTOHANAN.** *Tingnan din sa* Ilaw, Liwanag ni Cristo; Kaalaman; Katalinuhan, Mga Katalinuhan

Kaalaman ng mga bagay sa ngayon, at sa nakalipas, at sa mga darating pa (D at T 93:24). Tumutukoy rin ang katotohanan sa liwanag at paghahayag mula sa langit.

Katotohanan ay bubukal sa lupa, **Awit** 85:11 (Moi. 7:62). Malalaman mo ang katotohanan, at ang katotohanan ang magpapalaya sa iyo, **Juan** 8:32. Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay, **Juan** 14:6. Kung sasabihin mo na wala tayong kasalanan, ang katotohanan ay wala sa atin, **1 Juan** 1:8. Ang may kasalanan ay tumatanggap ng katotohanan nang may kahirapan, **1 Ne.** 16:2. Minamahal ng mabubuti ang katotohanan, **2 Ne.** 9:40. Ang Espiritu ay nagsasabi ng katotohanan at hindi nagsisinungaling, **Jac.** 4:13. Kayo ay Diyos ng katotohanan at hindi maaaring magsinungaling, **Eter** 3:12. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo malalaman ninyo ang katotohanan ng lahat ng bagay, **Moro.** 10:5. Ang katotohanan ay mananatili magpakailanman at walang katapusan, **D at T** 1:39. Ikaw ay naliwanagan sa pamamagitan ng Espiritu ng katotohanan, **D at T** 6:15. Ang Aklat ni Mormon ay naglalaman ng katotohanan at ng salita ng Diyos, **D at T** 19:26. Ang Mang-aaliw ay isinugo upang magturo ng katotohanan, **D at T** 50:14. Siya na tumatanggap ng salita sa pamamagitan ng Espiritu ng katotohanan ay natanggap ito ayon sa ipinangaral ng Espiritu ng katotohanan, **D at T** 50:17–22. Ipinahahayag ang katotohanan alinsunod sa mga paghahayag na aking ibinigay sa inyo, **D at T** 75:3–4. Anumang katotohanan ay liwanag, **D at T** 84:45. Ang liwanag ni Cristo ay liwanag ng katotohanan, **D at T** 88:6–7, 40. Ang aking Espiritu ay katotohanan, **D at T** 88:66. Ang katalinuhan, o ang liwanag ng katotohanan, ay hindi nilikha, **D at T** 93:29. Ang kaluwalhatian ng Diyos ay katalinuhan, o liwanag at katotohanan, **D at T** 93:36. Ipinag-uutos ko sa inyo na palakihin ang inyong mga anak sa liwanag at katotohanan, **D at T** 93:40. Ang aking Bugtong na Anak ay puspos ng biyaya at katotohanan, **Moi.** 1:6.

**KATUNGKULAN, PINUNO.** *Tingnan din sa* Ordenan, Pag-oorden; Pagkasaserdote

Karapatan o tungkulin sa isang samahan, malimit gamitin sa mga banal na kasulatan na nangangahulugan ng isang katungkulan ng kapangyarihang pagkasaserdote; maaari ring mangahulugan na mga tungkuling nakatalaga sa katungkulan o sa isang taong humahawak ng tungkulin.

Hindi lahat ng kasapi ay may gayon ding katungkulan, **Rom.** 12:4. Tinupad namin ang aming mga tungkulin sa Panginoon, **Jac.** 1:19. Natanggap ni Melquisedec ang katungkulan ng mataas na pagkasaserdote, **Alma** 13:18. Ang katungkulan ng paglilingkod ng mga anghel ay upang tawagin ang mga tao sa pagsisisi, **Moro.** 7:31. Walang taong oordenan sa anumang katungkulan sa simbahang ito nang wa-

lang boto ng simbahang iyon, **D at T** 20:65. Bawat tao ay tumayo sa kanyang sariling katungkulan, **D at T** 84:109. Pag-aralan ng bawat tao ang kanyang tungkulin, at kumilos sa katungkulan kung saan siya itinalaga, **D at T** 107:21. Ang mga tungkulin ng yaong mga namumuno sa mga katungkulan ng mga korum ng pagkasaserdote ay inilarawan, **D at T** 107:85–98. Pag-aralan ng bawat tao ang kanyang tungkulin, at gumawa sa katungkulan kung saan siya itinalaga, **D at T** 107:99–100. May mga pangulo, o namumunong pinuno, na itinalaga mula sa mga yaong naordenan dito sa dalawang pagkasaserdote, **D at T** 124:123.

**KAUGALIAN, MGA**

Mga paniniwala at kaugalian na nagpasalin-salin sa bawat sali't salinlahi (2 Tes. 2:15). Sa mga banal na kasulatan, binabalaan sa tuwina ng Panginoon ang mabubuti na iwasan ang masasamang kaugalian ng mga tao (Lev. 18:30; Mar. 7:6–8; Mos. 1:5; D at T 93:39–40).

**KAUTUSAN, ANG SAMPUNG.**
*Tingnan din sa* Kautusan ng Diyos, Mga; Moises

Sampung batas na ibinigay ng Diyos sa pamamagitan ng propetang si Moises upang pamahalaan ang pag-aasal.

Ang "Sampung Salita" ang pangalang Hebreo nito. Ang mga ito ay tinatawag ding Tipan (Deut. 9:9) o ang Patotoo (Ex. 25:21; 32:15). Ang pagbibigay ng Diyos ng Sampung Kautusan kay Moises, at mula sa kanya patungo sa Israel, ay inilalarawan sa Ex. 19:9–20:23; 32:15–19; 34:1. Nauukit ang mga kautusang ito sa dalawang tapyas na bato, na inilagay sa Kaban; kaya nga't ang Kaban ay tinawag na Kaban ng Tipan (Blg. 10:33). Ang Panginoon, sa pagbanggit sa Deut. 6:4–5 at Lev. 19:18, ay binuod ang Sampung Kautusan sa "dalawang dakilang kautusan" (Mat. 22:37–39).

Inulit ang Sampung Kautusan ng paghahayag sa huling araw (Mos. 12:32–37; 13:12–24; D at T 42:18–28; 59:5–13; PJS, Ex. 34:1–2).

**KAUTUSAN NG DIYOS, MGA.**
*Tingnan din sa* Batas; Kasalanan; Kautusan, Ang Sampung; Pagsunod, Masunurin, Sumunod; Salita ng Diyos

Ang mga batas at hinihingi ng Diyos na ibinibigay sa sangkatauhan, isahan man o pangkalahatan. Ang pagsunod sa mga kautusan ay magdadala ng mga pagpapala ng Panginoon sa mga masunurin (D at T 130:21).

Ginawa ni Noe ang naaayon sa lahat ng ipinag-utos ng Diyos sa kanya, **Gen.** 6:22. Lumakad sa aking mga tuntunin, at sundin ang aking mga kautusan, **Lev.** 26:3. Sundin ang aking mga kautusan, at mabuhay, **Kaw.** 4:4 (Kaw. 7:2). Kung ako ay inyong iniibig, sundin ninyo ang aking mga kautusan, **Juan** 14:15 (Deut. 42:29). Anuman ang ating hingin, ay tinatanggap natin mula sa kanya, sapagkat sinusunod natin ang kanyang mga kautusan, **1 Juan** 3:22. Ang kanyang mga kautusan ay hindi mabibigat, **1 Juan** 5:3. Maging matatag sa pagsunod sa mga kautusan, **1 Ne.** 2:10. Ang Panginoon ay hindi nagbibigay ng mga kautusan maliban sa siya ay maghahanda ng paraan, **1 Ne.** 3:7. Kinakailangan kong gawin ang naaalinsunod sa mahigpit na ipinag-uutos ng Diyos, **Jac.** 2:10. Habang sinusunod ninyo ang aking mga kautusan, kayo ay uunlad sa lupain, **Jar.** 1:9 (Alma 9:13; 50:20). Matuto sa iyong kabataan na sumunod sa mga kautusan ng Diyos, **Alma** 37:35. Ang mga kautusang ito ay mula sa akin, **D at T** 1:24. Saliksikin ang mga kautusang ito, **D at T** 1:37. Yaong mga hindi sumusunod sa mga kautusan ay hindi maliligtas, **D at T** 18:46 (D at T 25:15; 56:2). Ang aking mga kautusan ay espirituwal; hindi sila likas o temporal, **D at T** 29:35. Ang mga kautusan ay ibinibigay upang maunawaan natin ang kalooban ng Diyos, **D at T** 82:8. Hindi ko batid, maliban sa iniutos sa akin ng Panginoon, **Moi.** 5:6. Susubukin ng

Panginoon ang mga tao upang makita kung gagawin nila ang lahat ng ipag-uutos niya sa kanila, **Abr.** 3:25.

**KAWALANG-KABULUHAN, WALANG KABULUHAN.** *Tingnan din sa* Kamunduhan; Kapalaluan

Kabulaanan o panlilinlang; kapalaluan. *Walang kabuluhan* at *kawalang-kabuluhan* ay maaari ring ipakahulugang walang saysay o walang halaga.

Siya na hindi nagmataas ng kanyang kaluluwa sa walang kabuluhan ay tatayo sa banal na dako ng Panginoon, **Awit** 24:3–4. Kapag kayo'y mananalangin, huwag ninyong gamitin ang walang kabuluhang paulit-ulit, **Mat.** 6:7. Ang malaki at maluwang na gusali ay mga walang kabuluhang guni-guni at kapalaluan, **1 Ne.** 12:18. Kayo ba ay magpipilit ding ilagak ang inyong mga puso sa mga walang kabuluhang bagay ng daigdig? **Alma** 5:53. Huwag kang maghangad ng mga walang kabuluhang bagay ng daigdig na ito, sapagkat hindi mo ito madadala sa iyo, **Alma** 39:14. Pagwawalang-kabuluhan at kawalang-paniniwala ang nagdala sa Simbahan sa ilalim ng kaparusahan, **D at T** 84:54–55. Kung ating tatangkaing bigyan ng kasiyahan ang ating walang kabuluhang adhikain, ang kalangitan ay lalayo, **D at T** 121:37.

**KAWALANG-KAMATAYAN, WALANG KAMATAYAN.** *Tingnan din sa* Bayad-sala, Pagbabayad-sala; Jesucristo; Kaligtasan; Pagkabuhay na Mag-uli; Tiyak na Pagkamatay, May Kamatayan

Ang mabuhay magpakailanman sa kalagayang nabuhay na mag-uli, hindi na muling magdaranas ng kamatayang pisikal.

Siya ay nagbangon, **Mar.** 16:6. Mabubuhay ang lahat maging kay Cristo, **1 Cor.** 15:22. Lululunin ang kamatayan kapag ang may kamatayang ito ay mailalagay sa kawalang-kamatayan, **1 Cor.** 15:53–54. Inalis ni Cristo ang kamatayan at dinala ang kawalang-kamatayan, **2 Tim.** 1:10. Ang kawalang-kamatayan ang panunumbalik ng espiritu sa katawan, **2 Ne.** 9:13. Naging walang kamatayan ang mga espiritung sumama muli sa kanilang mga katawan, hindi na muling mamamatay, **Alma** 11:45. Ang matatapat ay puputungan ng kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan, **D at T** 75:5. Pababanalin at magiging walang kamatayan ang mundo, **D at T** 77:1 (D at T 130:9). Ang gawain at kaluwalhatian ng Diyos ay isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao, **Moi.** 1:39.

**KAWALANG-KATWIRAN, HINDI MATWID.** *Tingnan din sa* Kasalanan; Makasalanan; Marumi, Karumihan; Masama, Kasamaan; Matwid, Katwiran

Masama, di makatarungan; mga taong walang pag-ibig sa Diyos o sa mga bagay ng Diyos at hindi nagtataguyod ng kanyang layunin.

Ang masasama ay hindi makamamana ng kaharian ng Diyos, **1 Cor.** 6:9–10. Yaong mga nangalugod sa kasamaan ay mapapahamak, **2 Tes.** 2:12. Malilinis tayo ni Jesucristo mula sa lahat ng kasamaan, **1 Juan** 1:9. Inililigaw ng isang masamang hari ang mga landas ng lahat ng kabutihan, **Mos.** 29:23. Ang saligan ng pagkalipol ay inilatag ng mga kasamaan ng mga manananggol at hukom, **Alma** 10:27. Isinugo ko kayo upang pagsabihan ang sanlibutan ng lahat ng hindi matwid na gawa, **D at T** 84:87. Kailangang pabanalin ang kaluluwa mula sa lahat ng kasamaan, **D at T** 88:17–18. Ang nakagawian ng halos lahat ng tao ay magsimulang gamitin ang di matwid na pananakop, **D at T** 121:39.

**KAWALANG-MALAY, WALANG MALAY.** *Tingnan sa* Kawalang-sala, Walang Sala

**KAWALANG-PANINIWALA.** *Tingnan din sa* Paniniwala, Maniwala

Kawalan ng pananampalataya sa Diyos at sa kanyang ebanghelyo.

Hindi siya gumawa roon ng maraming makapangyarihang gawa dahil sa kanilang kawalang-paniniwala, **Mat.** 13:58. Dahil sa kawalan nila ng paniniwala ang mga disipulo ni Jesus ay hindi makapagpataboy ng diyablo, **Mat.** 17:14–21. Tulungan ninyo ako sa kakulangan ko sa pananampalataya, **Mar.** 9:23–24. Pinagwikaan ni Jesus ang kanyang mga apostol sa kanilang kawalang-paniniwala at katigasan ng puso, **Mar.** 16:14. Ang kawalan ba ng paniniwala ay nagpapawalang-halaga sa pagtatapat ng Diyos? **Rom.** 3:3. Higit na mabuting masawi ang isang tao kaysa ang isang bansa ay tuluyang manghina at masawi sa kawalang-paniniwala, **1 Ne.** 4:13. Kung dumating ang panahon na sila ay manghina sa kawalang-paniniwala, papangyarihin niyang sila ay makalat at maparusahan, **2 Ne.** 1:10–11 (D at T 3:18). Dahil sa kanilang kawalang-paniniwala hindi nila maunawaan ang salita ng Diyos, **Mos.** 26:1–5. Hindi ko maipakita sa mga Judio ang mga gayong kadakilang himala, dahil sa kawalan nila ng paniniwala, **3 Ne.** 19:35. Ang inyong mga isipan sa mga nakaraang panahon ay naging madilim dahil sa kawalang-paniniwala, **D at T** 84:54–58.

**KAWALANG-SALA, WALANG SALA**

Walang pananagutan o walang kasalanan.

Bago ang pagkahulog, nasa kalagayan ng kawalang-malay sina Adan at Eva, **2 Ne.** 2:23. Ang mga dugo ng mga walang sala ay tatayong saksi, **Alma** 14:11. Ang bawat espiritu ng tao ay walang kasalanan sa simula, **D at T** 93:38. Hindi dapat isumpa ang mga walang sala kasama ng mga hindi matwid, **D at T** 104:7. Sina Joseph at Hyrum Smith ay walang sala ng anumang krimen, **D at T** 135:6–7. Ang mga bata ay buo mula pa sa pagkakatatag ng mundo, **Moi.** 6:54.

**KAWANGGAWA.** *Tingnan sa* Limos, Paglilimos; Pag-ibig sa Kapwa-tao

**KAWIKAAN**

Isang maikling salawikaing may aral o payo.

*Ang aklat ng Mga Kawikaan:* Isang aklat sa Lumang Tipan na naglalaman ng maraming talinghaga, salawikain, at tula, ang ilan sa mga ito ay isinulat ni Solomon. Kadalasang inuulit ang aklat ng Mga Kawikaan sa Bagong Tipan.

Naglalaman ang mga kabanata 1–9 ng paliwanag ng tunay na karunungan. Nilalaman sa mga kabanata 10–24 ang mga tinipong salawikain tungkol sa tama at maling pamamaraan ng pamumuhay. Nilalaman sa mga kabanata 25–29 ang mga kawikaan ni Solomon na itinala ng mga tao ni Hezekias, hari ng Juda. Napapaloob sa mga kabanata 30–31 ang paglalarawan ng isang malinis na babae.

**KAYAMANAN.** *Tingnan din sa* Kapalaluan; Salapi

Yaman o kasaganaan. Pinagpapayuhan ng Panginoon ang mga Banal na huwag maghangad ng mga kayamanan sa mundo maliban sa paggawa ng mabuti. Hindi dapat pag-ukulan ng mga Banal ang paghahangad ng kayamanan sa mundo bago hanapin ang kaharian ng Diyos, na tumatangan ng mga kayamanang walang hanggan (Jac. 2:18–19).

Kung ang mga kayamanan ay lumago, huwag ninyong paglalagakan ng inyong puso, **Awit** 62:10. Ang mga kayamanan ay walang kabuluhan sa kaarawan ng poot, **Kaw.** 11:4. Siya na nagtitiwala sa kanyang mga kayamanan ay mabubuwal, **Kaw.** 11:28. Ang mabuting pangalan ay maiging piliin, kaysa malaking kayamanan, **Kaw.** 22:1. Kayhirap na magsipasok sa kaharian ng Diyos ang mga may kayamanan, **Mar.** 10:23 (Lu. 18:24–25). Ang pag-ibig sa salapi ay ugat ng lahat ng kasamaan, **1 Tim.** 6:10. Sa aba sa ma-

yayaman na humahamak sa mga maralita at ang kanilang kayamanan ang kanilang diyos, **2 Ne.** 9:30. Hindi inilagak ng mabubuti ang kanilang mga puso sa kayamanan sa halip ay ibinahagi sa lahat, **Alma** 1:30. Nagsimulang maging palalo ang mga tao dahil sa mga kayamanan, **Alma** 4:6–8. Ang mga tao ay nakikilala sa pamamagitan ng mga katayuan, alinsunod sa kanilang mga yaman, **3 Ne.** 6:12. Huwag maghangad ng mga yaman kundi ng karunungan, **D at T** 6:7 (Alma 39:14; D at T 11:7). Ang kayamanan ng mundo ay sa Diyos upang ibigay, subalit mag-ingat sa kapalaluan, **D at T** 38:39.

*Mga yaman ng walang hanggan:* Kayo'y mangagtipon ng mga kayamanan sa langit, **Mat.** 6:19–21. Makailan kong tinawag kayo sa pamamagitan ng mga kayamanan ng buhay na walang hanggan, **D at T** 43:25. Ang yaman ng kawalang-hanggan ay akin upang ibigay, **D at T** 67:2 (D at T 78:18).

**KAYUMIAN.** *Tingnan din sa* Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba

Gawi o anyo na mapagpakumbaba, mainam, at di masagwa. Ang isang mabining tao ay umiiwas sa mga kalabisan at pagkukunwari.

Ang Diyos ay gumawa ng mga kasuotang balat, at dinamitan sina Adan at Eva, **Gen.** 3:21 (Moi. 4:27). Ang mga babae ay nagsigayak ng mahinhing damit, **1 Tim.** 2:9. Mangagpakahinahon, mangagpakalinis, mangagpakasikap sa bahay, **Tit.** 2:5. Marami ang iniangat sa kapalaluan dahil sa kamahalan ng kanilang mga pananamit, **Jac.** 2:13. Hayaang maging payak ang inyong mga kasuotan, **D at T** 42:40. Kami ay naniniwala sa pagiging malinis at marangal, **S ng P** 1:13.

**KERUBIN, MGA**

Mga anyo na sumasagisag sa mga makalangit na nilikha, na ang tiyak na anyo ay hindi alam. Tinawag ang mga kerubin upang magbantay sa mga banal na lugar.

Naglagay ang Panginoon ng mga kerubin upang bantayan ang daan patungo sa punungkahoy ng buhay, **Gen.** 3:24 (Alma 12:21–29; 42:2–3; Moi. 4:31). Mga sumasagisag sa kerubin ang inilagay sa luklukan ng awa, **Ex.** 25:18, 22 (1 Hari 6:23–28; Heb. 9:5). Binabanggit ang mga kerubin sa mga pangitain ni Ezekiel, **Ez.** 10; 11:22.

**KETONG**

Isang nakahahawang sakit na madalas banggitin sa Luma at Bagong Tipan. Maraming kilalang tao sa Biblia ang minsan ay nagkasakit nito, kabilang na rito si Moises (Ex. 4:6–7), ang kanyang kapatid na si Miriam (Blg. 12:10), Naaman (2 Hari 5), at si Haring Uzzias (2 Cron. 26:19–21).

Pinagaling ni Jesus ang ketong ng maraming tao, **Mat.** 8:2–4 (Mar. 1:40–45; Lu. 5:12–15; 3 Ne. 17:7–9). Pinagaling ni Jesus ang sampung ketongin, **Lu.** 17:11–19.

**KIMBALL, SPENCER W.** *Tingnan din sa* Opisyal na Pahayag—2

Ang ikalabindalawang Pangulo ng Simbahan simula nang itatag ito noong 1830. Si Spencer W. Kimball ay naglingkod bilang Pangulo mula Disyembre 1973 hanggang Nobyembre 1985. Siya ay isinilang noong 1895 at noong 1985 siya ay namatay sa gulang na siyamnapu.

Noong Hunyo 1978, ang Unang Panguluhan ay nagpahayag na isang paghahayag ang natanggap ni Pangulong Kimball na ang lahat ng karapat-dapat na lalaking kasapi ay makatatanggap ng pagkasaserdote at mga pagbabasbas sa templo, **D at T** OP—2.

**KINGMEN**

Sa Aklat ni Mormon, isang pangkat na nagnais na magpabagsak sa pamahalaan ng mga Nephita (Alma 51:1–8).

**KISKUMEN.** *Tingnan din sa* Tulisan ni Gadianton, Mga

Sa Aklat ni Mormon, ang pinuno ng isang pangkat ng masasamang lalaki

na nakilala bilang mga tulisan ni Gadianton (Hel. 1:9–12; 2).

**KOLOB**

Ang pinakamalapit na bituin sa trono ng Diyos (Abr. 3:2–3, 9).

Nakita ni Abraham ang Kolob at ang mga bituin, **Abr.** 3:2–18. Ang oras ng Panginoon ay binibilang alinsunod sa oras ng Kolob, **Abr.** 3:4, 9 (Abr. 5:13).

**KOMUNYON.** *Tingnan sa* Sakramento

**KORDERO NG DIYOS.** *Tingnan din sa* Bayad-sala, Pagbabayad-sala; Jesucristo; Paskua

Isang pangalan ng Tagapagligtas na tumutukoy kay Jesus bilang pangsakripisyo na inialay alang-alang sa atin.

Siya ay dinalang gaya ng isang kordero sa katayan, **Is.** 53:7 (Mos. 14:7). Narito ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan, **Juan** 1:29 (Alma 7:14). Kayo ay tinubos ng mahalagang dugo ni Cristo, gaya ng sa korderong walang dungis, **1 Ped.** 1:18–20. Karapat-dapat ang Korderong pinatay, **Apoc.** 5:12. Kanilang dinaig si Satanas dahil sa dugo ng Kordero, **Apoc.** 12:11. Ang mga ito ay ginawang puti sa pamamagitan ng dugo ng Kordero dahil sa kanilang pananampalataya sa kanya, **1 Ne.** 12:11. Ang Kordero ng Diyos ang Anak ng Amang Walang Hanggan, at ang Tagapagligtas ng sanlibutan, **1 Ne.** 13:40 (1 Ne. 11:21). Magsumamo nang buong taimtim sa Ama sa pangalan ni Jesus, na baka sakaling kayo ay malinis sa pamamagitan ng dugo ng Kordero, **Morm.** 9:6 (Apoc. 7:14; Alma 34:36). Ang Anak ng Tao ang Korderong pinatay mula pa sa pagkakatatag ng daigdig, **Moi.** 7:47.

**KORIHOR.** *Tingnan din sa* Anti-Cristo

Isang anti-Cristo sa Aklat ni Mormon na humingi ng palatandaan bilang patunay sa kapangyarihan ng Diyos; pinapangyari ng Panginoon na si Korihor ay mapipi (Alma 30:6–60).

**KORUM.** *Tingnan din sa* Pagkasaserdote

Ang salitang *korum* ay maaaring gamitin sa dalawang paraan: (1) Isang pangkat ng mga kalalakihan na nagtataglay ng magkatulad na katungkulan ng pagkasaserdote. (2) Isang marami, o kakaunting bilang ng mga kasapi ng isang pangkat ng pagkasaserdote na kinakailangang dumalo sa pagpupulong upang mangasiwa sa gawain ng Simbahan (D at T 107:28).

Mga Korum ng Unang Panguluhan, ng Labindalawa, at ng Pitumpu at ng kanilang kaugnayan sa isa't isa ay inilarawan, **D at T** 107:22–26, 33–34 (D at T 124:126–128). Kinakailangang nagkakaisa sa mga pagpapasiya ang mga korum na ito, **D at T** 107:27. Kinakailangang isasagawa ng buong katwiran ang mga pagpapasiya ng isang korum, **D at T** 107:30–32. Inilarawan ang mga tungkulin ng mga pangulo ng mga korum ng pagkasaserdote, **D at T** 107:85–96. Ang korum ng mga elder ay itinatag para sa mga tumatayong mangangaral, **D at T** 124:137.

**KRUS.** *Tingnan din sa* Bayad-sala, Pagbabayad-sala; Golgota; Jesucristo; Pagpapako sa Krus; Sakramento

Ang yaring kahoy kung saan ipinako si Jesucristo (Mar. 15:20–26). Marami ngayon sa daigdig ang umiisip nito bilang sagisag ng pagkakapako ni Cristo sa krus at pagbabayad-salang sakripisyo; gayunman, nagtatag ang Panginoon ng sarili niyang sagisag para sa kanyang pagkakapako sa krus at pagsasakripisyo—ang tinapay at tubig ng sakramento (Mat. 26:26–28; D at T 20:40, 75–79). Sa mga banal na kasulatan, yaong mga nagpapasan ng kanilang krus ay yaong mga nagmamahal nang labis kay Jesucristo kung kaya't ipinagkakait nila sa sarili ang kasamaan at bawat makamundong pagnanasa at sinusunod ang kanyang mga kautusan (PJS, Mat. 16:25–26).

Pasanin ang krus at sumunod sa akin,

**Mar.** 10:21 (3 Ne. 12:30; D at T 23:6). Tiniis ni Jesus ang krus at umupo sa kanang kamay ng trono ng Diyos, **Heb.** 12:2. Itinaas siya sa krus at pinatay para sa mga kasalanan ng sanlibutan, **1 Ne.** 11:33. Sila na mga nakapagtiis sa mga pasakit ng daigdig ay magmamana ng kaharian ng Diyos, **2 Ne.** 9:18. Isinugo ako ng aking Ama upang ako ay maipako sa krus, **3 Ne.** 27:14–15. Siya na hindi magpapasan ng kanyang krus at susunod sa akin at tutupad sa aking mga kautusan, siya rin ay hindi maliligtas, **D at T** 56:2. Masdan ang Anak ng Tao na itinaas sa krus, **Moi.** 7:55.

**LABAN, KAPATID NI REBECA.** *Tingnan din sa* Rebeca

Sa Lumang Tipan, ang kapatid ni Rebeca at ama nina Lea at Raquel, na mga asawa ni Jacob (Gen. 24:29–60; 27:43–44; 28:1–5; 29:4–29; 30:25–42; 31:1–55).

**LABAN, TAGAPAG-INGAT NG MGA LAMINANG TANSO.** *Tingnan din sa* Laminang Tanso, Mga

Sa Aklat ni Mormon, ang taong nagiingat ng mga laminang tanso sa Jerusalem sa panahon ng mag-anak ni Lehi. Ninakawan at tinangkang patayin ni Laban si Nephi at ang kanyang mga kapatid (1 Ne. 3:1–27). Inakay ng Espiritu si Nephi na patayin si Laban upang kanilang makuha ang mga lamina (1 Ne. 4:1–26).

**LABAS NA KADILIMAN.** *Tingnan sa* Impiyerno

**LABINDALAWA, KORUM NG.** *Tingnan sa* Apostol

**LABINDALAWANG LIPI NI ISRAEL.** *Tingnan sa* Israel—Ang labindalawang lipi ni Israel

**LAKAS NG LOOB, MALAKAS ANG LOOB.** *Tingnan sa* Tapang, Matapang

**LALANG, PAGLALANG.** *Tingnan sa* Likha, Paglikha

**LAMAN.** *Tingnan din sa* Katawan; Likas na Tao; Makamundo; Tiyak na Pagkamatay, May Kamatayan

May ilang kahulugan ang *laman:* (1) ang malambot na himaymay na bumubuo sa mga katawan ng sangkatauhan, hayop, ibon, o isda; (2) tiyak na pagkamatay; o (3) ang pisikal o makalupang katangian ng tao.

*Himaymay ng katawan:* Ang mga hayop ay magiging pagkain para sa inyo, **Gen.** 9:3. Hindi dapat pumatay ng mga hayop nang hindi kinakailangan, **PJS, Gen.** 9:10–11 (D at T 49:21). Ang mga hayop at ibon ay para sa tao upang kainin at gamitin bilang kasuotan; **D at T** 49:18–19 (D at T 59:16–20). Dapat tayong kumain ng karne nang paminsan-minsan lamang, **D at T** 89:12–15.

*Mortalidad:* Si Jesus lamang ang bugtong na Anak ng Ama sa buhay na ito, **Juan** 1:14 (Mos. 15:1–3). Si Adan ang naging unang laman, **Moi.** 3:7.

*Makalupang katangian ng tao:* Sumpain ang tao na ginagawang laman ang kanyang bisig, **Jer.** 17:5. Handa ang espiritu subalit mahina ang laman, **Mar.** 14:38. Ang pagnanasa ng laman ay hindi sa Ama, **1 Juan** 2:16. Nalungkot si Nephi dahil sa kanyang laman at mga kasamaan, **2 Ne.** 4:17–18, 34. Huwag ipagkasundo ang inyong sarili sa diyablo at sa laman, **2 Ne.** 10:24.

**LAMAN, ANAK NI LEHI.** *Tingnan din sa* Lamanita, Mga; Lehi, Ama ni Nephi

Sa Aklat ni Mormon, ang pinakamatandang anak nina Lehi at Saria at ang pinakamatandang kapatid ni Nephi (1 Ne. 2:5). Si Laman ay kadalasang pumipiling gumawa ng masama kaysa mabuti.

Si Laman ay bumulung-bulong laban sa kanyang ama, **1 Ne.** 2:11–12. Naghimagsik laban sa kanyang mabuting kapatid na si Nephi, **1 Ne.** 7:6 (1 Ne. 3:28–29). Hindi kumain ng bunga ng punungkahoy ng buhay sa pangitain ni Lehi, **1 Ne.** 8:35–36. Isang sumpa

ang sumapit kay Laman at sa kanyang mga tagasunod, **2 Ne.** 5:21 (Alma 3:7).

**LAMANITA, MGA.** *Tingnan din sa* Aklat ni Mormon; Laman; Nephita, Mga

Isang pangkat ng tao sa Aklat ni Mormon, karamihan sa kanila ay mga inapo ni Laman, na pinakamatandang anak ni Lehi. Kanilang inakala na ginawan sila nang masama ni Nephi at ng kanyang mga inapo (Mos. 10:11–17). Bunga nito, sila ay naghimagsik laban sa mga Nephita at kadalasan ay hindi tumatanggap ng mga turo ng ebanghelyo. Gayon pa man, nang malapit nang isilang si Jesucristo, tinanggap ng mga Lamanita ang ebanghelyo at naging mas mabubuti pa kaysa sa mga Nephita (Hel. 6:34–36). Dalawang daang taon matapos dalawin ni Cristo ang Amerika, ang mga Lamanita at Nephita ay kapwa naging masasama at nagsimulang makipagdigmaan sa bawat isa. Noong mga 400 A.D., lubusang nalipol ng mga Lamanita ang lahing Nephita.

Nadaig ng mga Lamanita ang mga binhi ni Nephi, **1 Ne.** 12:19–20. Kinapootan ng mga Lamanita ang mga Nephita, **2 Ne.** 5:14. Ang mga Lamanita ay magiging pahirap sa mga Nephita, **2 Ne.** 5:25. Panunumbalikin ng Aklat ni Mormon sa mga Lamanita ang kaalaman tungkol sa kanilang mga ninuno at sa ebanghelyo ni Jesucristo, **2 Ne.** 30:3–6. (Pamagat na pahina ng Aklat ni Mormon). Ang mga Lamanita ay labi ng mga Judio, **D at T** 19:27. Ang mga Lamanita ay mamumukadkad gaya ng rosas bago pumarito ang Panginoon, **D at T** 49:24.

**LAMINA, MGA.** *Tingnan din sa* Aklat ni Mormon; Laminang Ginto, Mga

Noong unang panahon, ang ilang kultura ay nagsusulat ng kanilang mga kasaysayan o tala sa mga metal na lamina, na tulad ng sa Aklat ni Mormon. Para sa karagdagang kaalaman, tingnan ang "Maikling Paliwanag Tungkol sa Aklat ni Mormon" sa pambungad na mga pahina ng Aklat ni Mormon.

**LAMINANG GINTO, MGA.** *Tingnan din sa* Aklat ni Mormon; Lamina, Mga

Isang talaang isinulat sa mga laminang ginto. Nagsasaad ito ng kuwento ng dalawang malalaking kabihasnan sa lupalop ng Amerika. Isinalin at inilathala ni Joseph Smith ang isang bahagi ng mga laminang ito. Ang pagsasaling ito ay tinawag na Aklat ni Mormon. (Para sa karagdagang kaalaman, tingnan ang "Pambungad" at "Patotoo ng Propetang si Joseph Smith" sa unahan ng Aklat ni Mormon.)

**LAMINANG TANSO, MGA.** *Tingnan din sa* Lamina, Mga

Isang talaan ng mga Judio mula sa simula hanggang 600 B.C. na naglalaman ng maraming sulatin ng mga propeta (1 Ne. 5:10–16). Iningatan ang talaang ito ni Laban, isa sa mga elder na Judio sa Jerusalem. Habang si Lehi at ang kanyang mag-anak ay nasa ilang, isinugo ni Lehi ang kanyang mga anak na lalaki pabalik sa Jerusalem upang makuha ang talaang ito (1 Ne. 3–4). (Para sa karagdagang kaalaman, tingnan ang "Isang Maikling Paliwanag Tungkol sa Aklat ni Mormon," na nasa Aklat ni Mormon.)

**LAMONI.** *Tingnan din sa* Ammon, Anak ni Mosias

Sa Aklat ni Mormon, isang haring Lamanita na nagbalik-loob sa pamamagitan ng Espiritu ng Panginoon at ng mga inspiradong gawain at turo ni Ammon (Alma 17–19).

**LANGIS.** *Tingnan din sa* Pagpapahid ng Langis; Pangangasiwa sa Maysakit; Puno ng Olibo

Kalimitan ay langis ng olibo ang ibig sabihin tuwing ang langis ay binabanggit sa mga banal na kasulatan. Mula sa mga panahon ng Lumang Tipan, ang langis ng olibo ay ginagamit para sa mga seremonya sa templo at tabernakulo, sa mga pagpapahid, sa pagpapaningas

sa mga ilawan, at para sa pagkain. Minsan ang langis ng olibo ay sagisag ng kalinisan at ng Banal na Espiritu at ng impluwensiya nito (1 Sam. 10:1, 6; 16:13; Is. 61:1–3).

Ang saserdote ay maglalagay ng langis sa pingol ng kanang tainga, **Lev.** 14:28–29. Sinugo ako ng Panginoon upang pahiran ka ng langis na maging hari sa kanyang mga tao, **1 Sam.** 15:1. Ang banga ng langis ng balong babae ay hindi nabawasan, **1 Hari** 17:10–16. Pinahiran ng Panginoon ang aking ulo ng langis, **Awit** 23:5. Sila ay nagpahid ng langis sa maraming maysakit, **Mar.** 6:13. Ang mga elder ay nanalangin para sa kanya, pinahiran siya ng langis, **Sant.** 5:13–15. Tabasan at pagningasin ang inyong mga ilawan at magdala ng langis, **D at T** 33:17 (Mat. 25:1–13).

**LANGIT.** *Tingnan din sa* Kaharian ng Diyos o Kaharian ng Langit; Kaluwalhatiang Selestiyal; Paraiso

May dalawang pangunahing kahulugan ang katagang *langit* sa mga banal na kasulatan. (1) Ito ang pook kung saan nananahan ang Diyos at ang magiging tahanan ng mga Banal sa darating na panahon (Gen. 28:12; Awit 11:4; Mat. 6:9). (2) Ito ang kalawakan na nakapaligid sa mundo (Gen. 1:1, 17; Ex. 24:10). Ang langit ay maliwanag na hindi *paraiso,* na pansamantalang pook para sa matatapat na espiritu ng mga yaong nabuhay at namatay sa mundong ito. Dinalaw ni Jesus ang paraiso matapos ang kanyang kamatayan sa krus, subalit sa ikatlong araw, ipinaalam niya kay Maria na hindi pa siya nakapaparoroon sa Ama (Lu. 23:39–44; Juan 20:17; D at T 138:11–37).

Kinikilala ko ang inyong kalangitan, na gawa ng inyong mga daliri, **Awit** 8:3. Nilikha ang kalangitan sa pamamagitan ng salita ng Panginoon, **Awit** 33:6. Paano ka nahulog sa langit, O, Lucifer! **Is.** 14:12 (2 Ne. 24:12). Samasamang ibabalumbon ang kalangitan tulad ng isang balumbon ng papel, **Is.** 34:4. Lumikha ako ng bagong kalangitan at ng bagong lupa, **Is.** 65:17. Bubuksan ng Diyos ang mga bintana ng langit, **Mal.** 3:10. Ama namin sa langit, sambahin ang pangalan ninyo, **Mat.** 6:9 (3 Ne. 13:9). Dinala si Pablo sa ikatlong langit, **2 Cor.** 12:2. Nagkaroon ng katahimikan sa langit, **Apoc.** 8:1 (D at T 88:95–98). Kung sila ay mananatiling matapat hanggang wakas sila ay tatanggapin sa langit, **Mos.** 2:41. Maaari kayong maging mga anak ng inyong Ama na nasa langit, **3 Ne.** 12:45. Ako ay paparito sa mga ulap ng langit, **D at T** 45:16. Dinala si Elijah sa langit nang hindi nakatikim ng kamatayan, **D at T** 110:13. Ang mga karapatan ng pagkasaserdote ay may kaugnayan sa mga kapangyarihan ng langit, **D at T** 121:36. May dalawang uri ng nilikha sa langit, **D at T** 129:1. Ang Sion ay dinala sa langit, **Moi.** 7:23.

**LAPASTANGAN, KALAPASTANGANAN.** *Tingnan din sa* Pagkawalang-galang; Walang Kapatawarang Kasalanan

Pagsasalita ng walang pakundangan o walang pitagan sa Diyos o mga banal na bagay.

Ilang ulit na pinaratangan si Jesus ng mga Judio ng pagsasalita ng kalapastanganan dahil sa inangkin niya ang karapatang magpatawad sa mga kasalanan (Mat. 9:2–3; Lu. 5:20–21), dahil sa tinawag niya ang sarili na Anak ng Diyos (Juan 10:22–36; 19:7), at dahil sa sinabi niya na kanilang makikita siya na nakaupo sa kanang kamay ng kapangyarihan at paparito na nasa mga ulap ng langit (Mat. 26:64–65). Totoo sana ang mga paratang na ito kung hindi nga siya ang tunay na sinasabi niyang siya. Ang mga paratang na iniharap laban sa kanya ng mga bulaang saksi sa paglilitis sa harapan ng mga Sanedrin (Mat. 26:59–61) ay paglapastangan sa templo ng Diyos. Ang paglapastangan sa Espiritu Santo, na hayagang pagtatwa kay Cristo matapos na makatanggap ng ganap na kaalaman tungkol sa kanya, ay walang kapata-

warang kasalanan (Mat. 12:31–32; Mar. 3:28–29; D at T 132:27).

Siya na lalapastangan sa pangalan ng Panginoon ay papatayin, **Lev.** 24:11–16. Hindi hahayaang lapastanganin ng mga kaaway ng Panginoon ang kanyang pangalan, **D at T** 105:15. Paghihiganti ay sasapit sa mga yaong lalapastangan sa Panginoon, **D at T** 112:24–26.

**LAZARO.** *Tingnan din sa* Maria ng Betania; Marta

Sa Bagong Tipan, ang kapatid nina Marta at Maria. Ibinangon siya ni Jesus mula sa patay (Juan 11:1–44; 12:1–2, 9–11). Hindi siya ang pulubing si Lazaro sa talinghagang itinuturo ni Jesus (Lu. 16:19–31).

**LEA.** *Tingnan din sa* Jacob, Anak ni Isaac; Laban, Kapatid ni Rebeca

Sa Lumang Tipan, ang pinakamatandang anak na babae ni Laban at isa sa mga asawa ni Jacob (Gen. 29). Si Lea ay naging ina ng anim na lalaki at isang babae (Gen. 29:31–35; 30:17–21).

**LEHI, AMA NI NEPHI**

Sa Aklat ni Mormon, isang Hebreong propeta na inakay ang kanyang mag-anak at mga tagasunod mula sa Jerusalem patungo sa isang lupang pangako sa may kanlurang bahagi ng daigdig noong mga 600 B.C. Si Lehi ang unang propeta sa kanyang mga tao sa Aklat ni Mormon.

Nilisan ni Lehi ang Jerusalem kasama ang kanyang mag-anak sa utos ng Panginoon (1 Ne. 2:1–4). Siya ay inapo ni Jose, na ipinagbili sa Egipto (1 Ne. 5:14). Binigyan siya ng Panginoon ng pangitain tungkol sa punungkahoy ng buhay (1 Ne. 8:2–35). Si Lehi at ang kanyang mga anak ay gumawa ng sasakyang-dagat at naglakbay patungong kanlurang bahagi ng daigdig (1 Ne. 17–18). Siya at ang kanyang mga inapo ay natatag sa bagong lupain (1 Ne. 18:23–25). Bago siya namatay, binasbasan ni Lehi ang kanyang mga anak at tinuruan sila ng tungkol kay Cristo at sa paglabas ng Aklat ni Mormon sa mga huling araw (2 Ne. 1–3, 4:1–12).

*Ang aklat ni Lehi:* Si Joseph Smith ay nagsimula sa aklat ni Lehi nang siya ay nagsasalin ng Aklat ni Mormon. Ito ay isang talaang pinaikli ni Mormon mula sa mga lamina ni Lehi. Nang matapos niya ang 116 pahina ng manuskrito na kanyang naisalin mula sa aklat na ito, ibinigay ni Joseph ang manuskrito kay Martin Harris, na sandaling naglingkod kay Joseph bilang tagasulat sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon. Ang mga pahina ay nawala. Hindi na muling isinalin ni Joseph ang aklat ni Lehi upang palitan ang nawalang manuskrito sa halip ay nagsalin ng ibang ulat na may kaugnayan dito mula sa mga laminang ginto (tingnan ang mga pambungad ng D at T 3, 10). Ang ibang mga ulat na ito ngayon ang unang anim na aklat sa Aklat ni Mormon.

**LEHI, NEPHITANG KOMANDANTE NG MILITAR**

Sa Aklat ni Mormon, isang Nephitang komandante ng militar (Alma 43:35–53; 49:16–17; 52:27–36; 53:2; 61:15–21).

**LEHI, NEPHITANG MISYONERO.** *Tingnan din sa* Helaman, Anak ni Helaman

Sa Aklat ni Mormon, ang anak ni Helaman, na anak ni Helaman. Si Lehi ay isang dakilang misyonero (Hel. 3:21; 4:14).

Pinangalanang Lehi upang maalaala ang kanyang ninuno, **Hel.** 5:4–6. Kasama ni Nephi, ay maraming taong napabalik-loob, nabilanggo, napalibutan ng apoy, at nakipag-usap sa mga anghel, **Hel.** 5:14–48. Nakatanggap ng maraming paghahayag sa araw-araw, **Hel.** 11:23.

**LEMUEL.** *Tingnan din sa* Laman; Lamanita, Mga; Lehi, Ama ni Nephi

Sa Aklat ni Mormon, ang pangalawang anak ni Lehi at isa sa mga nakatatandang kapatid ni Nephi. Nakiisa siya kay Laman upang labanan si Nephi.

Pinangaralan si Lemuel ni Lehi na maging matatag, tulad ng isang lambak, **1 Ne.** 2:10. Nagalit kay Nephi at nakinig kay Laman, **1 Ne.** 3:28. Ang mga Lemuelita ay napabilang sa mga Lamanita, **Jac.** 1:13–14 (Alma 47:35).

**LEVI.** *Tingnan din sa* Israel; Jacob, Anak ni Isaac

Sa Lumang Tipan, ang pangatlong anak nina Jacob at Lea (Gen. 29:34; 35:23). Si Levi ay naging ama ng isa sa mga lipi ni Israel.

*Ang lipi ni Levi:* Binasbasan ni Jacob si Levi at ang kanyang mga inapo (Gen. 49:5–7). Ang mga inapo ni Levi ay naglingkod sa mga banal na lugar ng Israel (Blg. 1:47–54). Si Aaron ay isang Levita, at ang kanyang mga inapo ay mga saserdote (Ex. 6:16–20; 28:1–4; 29). Tumutulong ang mga Levita sa mga saserdote, na mga anak ni Aaron (Blg. 3:5–10; 1 Hari 8:4). Minsan sila ay gumaganap bilang mga musikero (1 Cron. 15:16; Neh. 11:22); pumapatay ng mga hain (2 Cron. 29:34; Ezra 6:20); at karaniwang tumutulong sa templo (Neh. 11:16). Ang mga Levita ay inilaan para sa paglilingkod sa Panginoon upang gawin ang mga ordenansa para sa mga anak ni Israel. Ang mga Levita rin ang nag-alay sa kanilang sarili para sa kapakanan ng mga anak ni Israel (Blg. 8:11–22); sila sa gayon ay naging kakaibang pag-aari ng Diyos, ibinigay sa kanya kapalit ng mga panganay na anak (Blg. 8:16). Hindi sila inilaan, kundi nilinis para sa kanilang tungkulin (Blg. 8:7–16). Wala silang lupaing mana sa Canaan (Blg. 18:23–24), subalit sila ang tumatanggap ng ikapu (Blg. 18:21), apatnapu't walong lunsod (Blg. 35:6), at ang may karapatang tumanggap ng mga abuloy ng mga tao sa panahon ng pistahan (Deut. 12:18–19; 14:27–29).

**LEVITICO.** *Tingnan din sa* Pentateuch

Isang aklat sa Lumang Tipan na nagsasaad ng mga pangsaserdoteng tungkulin sa Israel. Binibigyang-diin nito ang kabanalan ng Diyos at ang alituntunin kung saan ang kanyang mga tao ay maaaring mabuhay upang maging banal. Layunin nito ang ituro ang mga alituntuning pangmoral at katotohonang pangrelihiyon ng mga batas ni Moises sa pamamagitan ng mga rituwal. Isinulat ni Moises ang aklat na Levitico.

Ipinaliliwanag sa mga kabanata 1–7 ang mga ordenansa ng paghahain. Inilalarawan sa mga kabanata 8–10 ang rituwal na sinusunod sa paglalaan ng mga saserdote. Ipinaliliwanag sa kabanata 11 ang maaari at hindi maaaring kainin at kung ano ang malinis at madumi. Isinasalaysay sa kabanata 12 ang mga babae pagkatapos nilang magsilang. Ang mga kabanata 13–15 ay mga batas na tungkol sa seremonyal na karumihan. Naglalaman ang kabanata 16 ng rituwal na ginagawa sa Araw ng Pagbabayad-sala. Naglalaman ang mga kabanata 17–26 ng isang alituntunin ng mga batas ukol sa pangrelihiyon at lipunang pagdiriwang. Ipinaliliwanag sa kabanata 27 na ipinag-uutos ng Panginoon sa Israel na ilaan ang kanilang mga tanim, tupahan, at bakahan sa Panginoon.

**LEVITIKAL NA PAGKASASERDOTE.** *Tingnan sa* Pagkasaserdoteng Aaron

**LIAHONA**

Sa Aklat ni Mormon, isang bolang tanso na may dalawang panuro na nagbibigay ng mga direksiyon—tulad ng isang aguhon—gayon din ng mga espirituwal na tagubilin para kay Lehi at sa kanyang mga tagasunod kapag sila ay mabubuti. Ibinigay ng Panginoon ang Liahona at nagbigay ng mga tagubilin sa pamamagitan nito.

Namalas ni Lehi ang bolang tanso na may dalawang ikiran na nagtuturo ng daan kung saan si Lehi at ang kanyang mag-anak ay nararapat magtungo, **1 Ne.** 16:10. Ang bola ay gumagalaw alinsunod sa pananampalataya at pagsusumigasig, **1 Ne.** 16:28–29 (Alma 37:40). Ibinigay ni Benjamin ang bola kay Mosias, **Mos.** 1:16. Ang bola o ang tagagabay ay tinawag na Liahona,

**Alma** 37:38. Ang Liahona ay inihalintulad sa salita ni Cristo, **Alma** 37:43–45. Makikita ang tatlong saksi sa Aklat ni Mormon ang panurong ibinigay kay Lehi, **D at T** 17:1.

**LIBINGAN.** *Tingnan din sa* Pagkabuhay na Mag-uli

Ang pook na himlayan ng katawang mortal. Dahil sa Pagbabayad-sala, ang lahat ay mabubuhay na mag-uli mula sa libingan.

Pagkatapos ng pagkabuhay na mag-uli ni Cristo, nabuksan ang mga libingan at maraming katawan ang bumangon, **Mat.** 27:52–53 (3 Ne. 23:9–13). O kamatayan, nasaan ang iyong tagumpay? **1 Cor.** 15:55. Dapat palayain ng libingan ang kanilang mga patay, **2 Ne.** 9:11–13. Sila na mga tulog ay babangon sa libingan, **D at T** 88:97–98. Ang lugar ng pagbibinyagan ay isang sagisag ng libingan, **D at T** 128:12–13.

**LIHIM NA PAGSASABWATAN, MGA.** *Tingnan din sa* Cain; Tulisan ni Gadianton, Mga

Isang samahan ng mga tao na pinagisa ng mga sumpa upang isagawa ang masasamang layunin ng pangkat.

Inuudyukan ng ama ng mga kasinungalingan ang mga anak ng tao sa mga lihim na pakikipagsabwatan, **2 Ne.** 9:9. Kinakailangan kong wasakin ang mga lihim na gawain ng kadiliman, **2 Ne.** 10:15. Ang mga kahatulan ng Diyos ay sumapit sa mga manggagawang ito ng mga lihim na pagsasabwatan, **Alma** 37:30. Pinagtibay ni Gadianton ang halos buong pagkalipol ng mga tao ni Nephi, **Hel.** 2:4–13. Inilagay ni Satanas sa mga puso ng tao na bumuo ng mga lihim na sumpa at tipan, **Hel.** 6:21–31. Ang Panginoon ay hindi gumagawa sa mga lihim na pakikipagsabwatan, **Eter** 8:19. Malilipol ang mga bansang magtataguyod sa mga lihim na pakikipagsabwatan, **Eter** 8:22–23. Kanilang tinanggihan ang lahat ng salita ng mga propeta, dahil sa kanilang lihim na samahan, **Eter** 11:22. Mula noong mga araw ni Cain, mayroon nang lihim na pakikipagsabwatan, **Moi.** 5:51.

**LIKAS NA TAO.** *Tingnan din sa* Isilang na Muli, Isinilang sa Diyos; Makamundo; Pagkahulog nina Adan at Eva

Isang tao na pumapayag na mahikayat ng mga silakbo ng damdamin, pagnanasa, gana, at damdamin ng laman kaysa ng mga panghihikayat ng Banal na Espiritu. Ang taong ganito ay nakauunawa ng mga pisikal na bagay subalit hindi ng mga espirituwal na bagay. Lahat ng tao ay makamundo, o may kamatayan, dahil sa pagkahulog nina Adan at Eva. Bawat tao ay nararapat na isilang na muli sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Jesucristo upang matigil ang pagiging likas na tao.

Ang taong ayon sa laman ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu, **1 Cor.** 2:14. Ang likas na tao ay kaaway ng Diyos at kailangang alisin, **Mos.** 3:19. Siya na nagpupumilit sa kanyang sariling likas na kamunduhan ay nananatili sa kanyang pagkahulog na kalagayan, **Mos.** 16:5 (Alma 42:7–24; D at T 20:20). Sinong likas na tao ang nakaaalam ng mga bagay na ito? **Alma** 26:19–22. Ang taong nasa likas na kalagayan o sa isang makamundong kalagayan ay walang Diyos sa daigdig, **Alma** 41:11. Dahil sa kanyang paglabag, ang tao ay naging espirituwal na patay, **D at T** 29:41. Ni ang sinumang likas na tao ang makatagal sa harapan ng Diyos, **D at T** 67:12. At ang tao ay nagsimulang maging makamundo, mahalay, at maladiyablo, **Moi.** 5:13 (Moi. 6:49).

**LIKHA, PAGLIKHA.** *Tingnan din sa* Araw ng Sabbath; Espiritung Paglikha; Jesucristo; Mundo; Simula

Ang bumuo. Ang Diyos, kumikilos sa pamamagitan ng kanyang Anak na si Jesucristo, ay bumuo ng mga elemento ng kalikasan upang mag-anyo ng mundo. Nilikha ng Ama sa Langit at ni Jesus ang tao alinsunod sa kanilang larawan (Moi. 2:26–27).

Sa simula, nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa, **Gen.** 1:1. Lalangin natin ang tao sa ating larawan, **Gen.** 1:26 (Moi. 2:26–27; Abr. 4:26). Lahat ng bagay ay ginawa sa pamamagitan niya, **Juan** 1:3, 10. Sa pamamagitan niya ang lahat ng bagay ay nalikha na nasa langit, **Col.** 1:16 (Mos. 3:8; Hel. 14:12). Ginawa ng Diyos ang mga daigdig sa pamamagitan ng kanyang Anak, **Heb.** 1:2. Ang tao ay nilikha sa simula, **Mos.** 7:27. Nilikha ko ang kalangitan at lupa at lahat ng bagay, **3 Ne.** 9:15 (Morm. 9:11, 17). Lahat ng tao ay nilikha noong simula alinsunod sa aking sariling wangis, **Eter** 3:15. Nilikha ni Jesucristo ang langit at ang lupa, **D at T** 14:9. Kanyang nilikha ang tao, lalaki at babae, ayon sa sarili niyang larawan, **D at T** 20:18. Mga daigdig na di mabilang ang aking nilikha, **Moi.** 1:33. Sa pamamagitan ng aking Bugtong na Anak ay aking nilikha ang langit, **Moi.** 2:1. Ako, ang Panginoong Diyos, ang lumikha ng lahat ng bagay, sa espiritu, bago ang mga ito ay naging likas sa balat ng lupa, **Moi.** 3:5. Milyun-milyong mundo na tulad nito ay hindi magiging simula sa bilang ng inyong mga nilikha, **Moi.** 7:30. Binuo at hinubog ng mga Diyos ang kalangitan, **Abr.** 4:1.

**LIMHI.** *Tingnan din sa* Noe, Anak ni Zenif

Sa Aklat ni Mormon, isang mabuting hari ng mga Nephita sa lupain ng Nephi; siya ay anak ni Haring Noe (Mos. 7:7–9). Si Haring Limhi ay nakipagtipan na paglilingkuran ang Diyos (Mos. 21:32). Pinamunuan niya ang kanyang mga tao sa paglaya mula sa pagkaalipin sa mga Lamanita at pagbalik sa Zarahemla (Mos. 22).

**LIMOS, PAGLILIMOS.** *Tingnan din sa* Ayuno, Pag-aayuno; Kapakanan; Maralita; Pag-aalay

Mga handog upang tulungan ang mga maralita.

Huwag magbigay ng limos sa harapan ng tao, **Mat.** 6:1–4 (3 Ne. 13:1–4). Ang maralitang balong babaing ito ay naghulog kaysa sa lahat, **Mar.** 12:41–44. Lalo pang pinagpala ang magbigay kaysa tumanggap, **Gawa** 20:33–35. Nais kong ibahagi ninyo ang inyong kabuhayan sa mga maralita, **Mos.** 4:26. Ang mga tao ng simbahan ay nararapat ibahagi ang kanilang kabuhayan, bawat isa alinsunod sa yaong mayroon siya, **Mos.** 18:27.

**LINGGO.** *Tingnan sa* Araw ng Sabbath

**LOT.** *Tingnan din sa* Abraham

Sa Lumang Tipan, ang anak ni Haran at pamangkin ni Abraham (Gen. 11:27, 31; Abr. 2:4). Namatay si Haran dahil sa taggutom sa Ur (Abr. 2:1). Nilisan ni Lot ang Ur na kasama nina Abraham at Sara at naglakbay kasama nila sa Canaan (Gen. 12:4–5). Pinili ni Lot na manirahan sa Sodoma. Ang Panginoon ay nagpadala ng mga sugo upang balaan si Lot na lumisan sa Sodoma bago ito wasakin ng Panginoon dahil sa kasamaan ng mga tao (Gen. 13:8–13; 19:1, 13, 15); gayon pa man, nilingon ng asawa ni Lot ang pagkawasak at siya ay naging isang haligi ng asin (Gen. 19:26). Ang Bagong Tipan ay naglalaman ng mga sanggunian tungkol kay Lot (Lu. 17:29; 2 Ped. 2:6–7). Ang kanyang buhay matapos siyang mahiwalay kay Abraham ay inilarawan sa Gen. 13, 14, at 19.

**LUBOS NA PAGPAPALA, MGA.** *Tingnan din sa* Pangangaral sa Bundok

Ang magkakasunod na aral na ibinigay ni Jesus sa Pangaral sa Bundok na naglalarawan sa isang dalisay at espirituwal na pag-uugali (Mat. 5:3–12; Lu. 6:20–23). Isinaayos ang mga Lubos na Pagpapala sa isang pamamaraan na ang bawat paghahayag ay itinataguyod ng sinusundan nito. Isang higit na malinaw at wastong pagkakatala sa mga Lubos na Pagpapala ang matatagpuan sa 3 Ne. 12.

**LUBUSANG PAGTALIKOD SA KATOTOHANAN.** *Tingnan din sa* Paghihimagsik; Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo

Ang paglayo sa katotohanan ng mga tao, ng Simbahan, o buong bansa.

*Pangkalahatang lubusang pagtalikod sa katotohanan:* Kailangang mag-ingat ang mga Israelita laban sa paglayo ng kanilang mga puso sa Panginoon, **Deut.** 29:18. Kung saan walang pangitain, ang mga tao ay sumasama, **Kaw.** 29:18. Kanilang sinira ang walang hanggang tipan, **Is.** 24:5. Humampas ang hangin sa bahay na yaon, at ito ay bumagsak, **Mat.** 7:27. Ako'y namamangha na kaydali ninyong nagsilipat sa ibang ebanghelyo, **Gal.** 1:6. Nagsimula sila sa mabuting landas subalit nangaligaw sila sa abu-abo, **1 Ne.** 8:23 (1 Ne. 12:17). Matapos na matikman nila ang bunga, nangagsilayo sila patungo sa mga ipinagbabawal na landas, **1 Ne.** 8:28. Ang lubusang pagtalikod ng mga Nephita sa katotohanan ay nagsilbing batong kinatitisuran ng mga hindi naniniwala, **Alma** 4:6–12. Marami sa mga kasapi ng simbahan ang naging palalo at inusig ang iba pang mga kasapi, **Hel.** 3:33–34 (Hel. 4:11–13; 5:2–3). Kapag pinasasagana ng Panginoon ang kanyang mga tao, kung minsan ay pinatitigas nila ang kanilang mga puso at kinalilimutan siya, **Hel.** 12:2; 13:38. Pinatigas ng mga Nephita ang kanilang mga puso at nahulog sa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas, **3 Ne.** 2:1–3. Iprinopesiya ni Moroni ang tungkol sa lubusang pagtalikod sa katotohanan sa mga huling araw, **Morm.** 8:28, 31–41. Mauuna ang lubusang pagtalikod sa katotohanan sa Ikalawang Pagparito, **D at T** 1:13–16.

*Lubusang pagtalikod sa katatohanan ng naunang Cristiyanong simbahan:* Lumalapit ang mga taong ito sa akin sa pamamagitan ng kanilang mga bibig, **Is.** 29:10, 13. Tatakpan ng kadiliman ang lupa, **Is.** 60:2. Magpapadala ang Panginoon ng taggutom sa pagdinig sa mga salita ng Panginoon, **Amos** 8:11. May magsisilitaw na mga bulaang Cristo at mga bulaang propeta, **Mat.** 24:24. Mga ganid na lobo ay magsisipasok sa inyo, **Gawa** 20:29. Ako'y namamangha na kaydali ninyong lumayo sa kanya, **Gal.** 1:6. Magkakaroon ng pagtaliwas bago ang Ikalawang Pagparito, **2 Tes.** 2:3. Maliligaw ang ilang tao hinggil sa katotohanan, **2 Tim.** 2:18. Ang ilang tao ay may anyo ng kabanalan subalit ikinakaila ang kapangyarihan niyaon, **2 Tim.** 3:5. Darating ang panahon na hindi na nila pakikinggan ang mabuting doktrina, **2 Tim.** 4:3–4. Magkakaroon ng mga bulaang propeta at mga bulaang guro sa mga tao, **2 Ped.** 2:1. May ilang taong magsisipasok na itinatatwa ang nag-iisang Panginoong Diyos, **Jud.** 1:4. May ilang taong nagpapanggap na sila'y mga apostol at hindi gayon, **Apoc.** 2:2. Nakita ni Nephi ang pagbubuo ng makapangyarihan at karumal-dumal na simbahan, **1 Ne.** 13:26. Nangatisod ang mga Gentil at nagtayo ng maraming simbahan, **2 Ne.** 26:20. Sila ay lumihis mula sa aking mga ordenansa at sumira sa aking walang hanggang tipan, **D at T** 1:15. Nababalot ng kadiliman ang mundo at ng masalimuot na kadiliman ang kaisipan ng mga tao, **D at T** 112:23. Sinabihan si Joseph na ang mga simbahan ay maling lahat; malayo ang kanilang mga puso sa Diyos, **JS—K** 1:19.

**LUCAS.** *Tingnan din sa* Ebanghelyo, Mga; Gawa ng mga Apostol, Mga

Ang may-akda ng Ebanghelyo ni Lucas at ng aklat ng Mga Gawa sa Bagong Tipan at misyonerong katuwang ni Pablo. Siya ay isinilang sa mga Griyegong magulang at nagsanay ng panggagamot (Col. 4:14). Si Lucas ay may mataas na pinag-aralan. Ipinakilala niya ang kanyang sarili bilang katuwang ng Apostol na si Pablo nang sumama siya kay Pablo sa Troas (Gawa 16:10–11). Si Lucas ay kasama rin ni Pablo sa Filipos sa huling paglalakbay ni Pablo sa Jerusalem (Gawa 20:6), at ang dalawa ay magkasama hanggang sa dumating sila

sa Roma. Si Lucas ay kasama rin ni Pablo sa kanyang ikalawang pagkabilanggo sa Roma (2 Tim. 4:11). Sinasabi ng tradisyon na siya ay namatay na martir.

*Ang Ebanghelyo ni Lucas:* Isang ulat na isinulat ni Lucas tungkol kay Jesucristo at sa kanyang ministeryo sa buhay na ito. Ang aklat na Mga Gawa ng mga Apostol ay isang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ni Lucas. Si Lucas ay nagiwan ng isang mainam na isinulat na ulat ng ministeryo ni Jesus, na nagpapakilala kay Jesus bilang Tagapagligtas ng kapwa mga Judio at Gentil. Marami siyang isinulat tungkol sa mga turo at gawain ni Jesus. Sa Lucas lamang natin makukuha ang ulat tungkol sa pagdalaw ni Gabriel kina Zacarias at Maria (Lu. 1); ang pagdalaw ng mga pastol sa sanggol na si Jesus (Lu. 2:8–18); si Jesus sa templo sa gulang na labindalawa (Lu. 2:41–52); ang inatasan at isinugong pitumpu (Lu. 10:1–24); si Jesus na pinagpapawisan ng dugo (Lu. 22:44); ang pakikipag-usap ni Jesus sa magnanakaw sa krus (Lu. 23:29–43); at si Jesus na kumakain ng isda at pulot-pukyutan pagkatapos ng kanyang pagkabuhay na mag-uli (Lu. 24:42–43).

Para sa buod ng kabanata, tingnan sa "Ebanghelyo, Mga."

**LUCIFER.** *Tingnan din sa* Anak na Lalaki ng Kapahamakan, Mga; Anti-Cristo; Diyablo; Impiyerno; Mangwawasak

Ang pangalan ay nangangahulugang Ang Kumikinang o Nagdadala ng Liwanag. Siya ay kilala rin bilang Anak ng Umaga. Si Lucifer ay isang espiritung anak ng Ama sa Langit at namuno sa himagsikan sa buhay bago pa ang buhay na ito. Ang pangalang Lucifer ay minsan lamang lumabas sa Biblia (Is. 14:12). Ang paghahayag sa huling araw ay nagbibigay ng mas detalyadong paglalarawan ng pagkahulog ni Lucifer (D at T 76:25–29).

Si Lucifer ay nahulog sa kalagayan bago pa ang buhay na ito, **Is.** 14:12 (Lu. 10:18; 2 Ne. 24:12). Pagkatapos ng kanyang pagkahulog siya ay naging si Satanas at ang diyablo, **D at T** 76:25–29 (Moi. 4:1–4).

**LUMAKAD, LUMAKAD NA KASAMA NG DIYOS.** *Tingnan din sa* Daan; Matwid, Katwiran; Pagsunod, Masunurin, Sumunod

Ang mamuhay nang naaayon sa mga turo ng Diyos at mamuhay na katulad ng nais ng Diyos; maging handa at masunurin sa mga hikayat ng Espiritu Santo.

Upang aking masubok sila, kung sila'y lalakad ayon sa aking kautusan o hindi, **Ex.** 16:4. Hindi pagkakaitan ng anumang mabuting bagay sila na lumalakad nang matwid, **Awit** 84:11. Yaong mga nagsisilakad sa aking mga batas at gaganap sa aking mga ordenansa ay magiging aking bayan, **Ez.** 11:20–21 (Deut. 8:6). Ano ang hinihingi ng Panginoon sa inyo, kundi lumakad nang may kababaan na kasama ng Diyos? **Mi.** 6:8 (D at T 11:12). Lumakad sa liwanag, na tulad ng Diyos na nasa liwanag, **1 Juan** 1:7 (2 Juan 1:6; 3 Juan 1:4; 4 Ne. 1:12). Lumakad sa makipot na landas na patungo sa buhay, **2 Ne.** 33:9. Si Haring Benjamin ay lumakad nang may malinis na budhi sa harapan ng Diyos, **Mos.** 2:27. Tungkulin ninyo ang lumakad nang walang sala alinsunod sa banal na orden ng Diyos, **Alma** 7:22. Ang mga kasapi ng Simbahan ay magpapakita ng makadiyos na paglakad at pakikipag-usap, **D at T** 20:69. Sundin ang propeta at lumakad nang buong kabanalan sa harapan ng Panginoon, **D at T** 21:4. Turuan ang mga anak na manalangin at magsilakad nang matwid sa harapan ng Panginoon, **D at T** 68:28. Mananahan sa akin, at ako sa iyo; kaya nga lumakad kang kasama ko, **Moi.** 6:34.

**LUMANG TIPAN.** *Tingnan din sa* Banal na Kasulatan, Mga; Biblia; Pentateuch

Mga isinulat ng mga unang propeta na nagsagawa sa ilalim ng impluwensiya ng Banal na Espiritu at sa mahigit

sa maraming daang taon ay nagpatotoo hinggil kay Cristo at sa kanyang darating na pagmiministeryo. Naglalaman din ito ng talaan ng kasaysayan ni Abraham at ng kanyang mga inapo, simula kay Abraham, at sa kasunduan, o *tipan,* na ginawa ng Panginoon kay Abraham at sa kanyang angkan.

Ang unang limang aklat ng Lumang Tipan ay isinulat ni Moises. Ang mga ito ay Genesis, Exodo, Levitico, Mga Bilang, at Deuteronomio. Binabanggit sa Genesis ang pinagmulan ng mundo, sangkatauhan, mga wika, lahi, at ang simula ng sambahayan ni Israel.

Nasasaad sa mga makasaysayang aklat ang mga pangyayari sa Israel. Ang mga aklat na ito ay Josue, Mga Hukom, Ruth, 1 at 2 Samuel, 1 at 2 Mga Hari, 1 at 2 Mga Cronica, Ezra, Nehemias, at Esther.

Natatala sa mga matulaing aklat ang ilan sa karunungan at panitikan ng mga propeta. Ang mga ito ay Job, Mga Awit, Mga Kawikaan, Eclesiastes, Ang Awit ni Solomon, at Mga Panaghoy.

Binalaan ng mga propeta ang Israel sa kanyang mga kasalanan at nagpatotoo sa mga pagpapala na nanggaling sa pagsunod. Nagpropesiya sila sa pagparito ni Cristo, na siyang magbabayad-sala ng mga kasalanan ng mga yaong nagsisisi, tumatanggap ng mga ordenansa, at sinusunod ang ebanghelyo. Ang mga aklat ng mga propeta ay Isaias, Jeremias, Ezekiel, Daniel, Oseas, Joel, Amos, Obadias, Jonas, Mikas, Nahum, Habacuc, Zefanias, Hagai, Zacarias, at Malakias.

Karamihan sa mga aklat sa Lumang Tipan ay isinulat sa wikang Hebreo. Naglalaman ang ilang mga kasulatan ng Aramaic.

**LUMAPIT.** *Tingnan din sa* Disipulo; Pagsunod, Masunurin, Sumunod

Sa mga banal na kasulatan, ang mapalapit sa sinuman sa pamamagitan ng pagsunod, tulad ng pariralang "lumapit kay Cristo at maging ganap sa kanya" (Moro. 10:32).

Ikiling ang inyong tainga, at lumapit sa akin, **Is.** 55:3. Magsilapit sa akin, kayong lahat na nagpapagal, **Mat.** 11:28. Hayaan ang mga batang lumapit sa akin, **Mat.** 19:14. Sinumang tao ang ibig sumunod sa akin, hayaang pagkaitan niya ang kanyang sarili, **Lu.** 9:23. Siya na lumalapit sa akin kailanman ay hindi magugutom, **Juan** 6:35. Inaanyayahan ni Cristo ang lahat na lumapit sa kanya, **2 Ne.** 26:33. Lumapit sa akin at maligtas, **3 Ne.** 12:20. Lumapit kay Cristo, **Moro.** 10:32. Mag-anyaya sa lahat na lumapit kay Cristo, **D at T** 20:59. Lalapit kayo sa akin, at ang inyong mga kaluluwa ay mabubuhay, **D at T** 45:46.

**LUPA.** *Tingnan sa* Mundo

**LUPANG PANGAKO**

Mga lupaing ipinangako ng Panginoon bilang isang mana sa kanyang matatapat na tagasunod, at malimit din sa kanilang mga inapo. Marami ang mga lupang pangako. Malimit sa Aklat ni Mormon, ang lupang pangako na binabanggit ay Amerika.

Sa iyong mga lahi ay ibibigay ko ang lupang ito, **Gen.** 12:7 (Abr. 2:19). Ibibigay ko sa iyo at sa iyong mga binhi ang lupain ng Canaan, **Gen.** 17:8 (Gen. 28:13). Binanggit ni Moises ang mga hangganan ng lupain sa Canaan para sa Israel, **Blg.** 34:1–12 (Blg. 27:12). Aakayin ka sa isang lupang pangako, **1 Ne.** 2:20 (1 Ne. 5:5). Inaakay ng Panginoon ang mabubuti sa mga natatanging lupain, **1 Ne.** 17:38. Kung susundin ng mga inapo ni Lehi ang mga kautusan ng Diyos, sila'y uunlad sa lupang pangako, **2 Ne.** 1:5–9. Ang Israel ay magbabalik sa kanilang mga lupang pangako, **2 Ne.** 24:1–2 (Is. 14:1–2). Anumang bansa ang mag-aangkin sa lupang pangakong ito ay nararapat na maglingkod sa Diyos, o sila ay itataboy, **Eter** 2:9–12. Ito ang lupang pangako, at ang lugar para sa lunsod ng Sion, **D at T** 57:2. Si Juda ay maaari nang magsimulang bumalik sa mga lupain ni Abraham, **D at T** 109:64. Ang Bagong Jerusalem ay itatayo sa lupalop ng Amerika, **S ng P** 1:10.

**MAAMO, KAAMUAN.** *Tingnan din sa* Bagbag na Puso; Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba; Tiyaga

May takot sa Diyos, matwid, mapagpakumbaba, natuturuan at matiisin sa pagdurusa. Ang maaamo ay nakahandang sumunod sa mga turo ng ebanghelyo.

Si Moises ay may maamong loob, **Blg.** 12:3. Ang maamo ay magmamana ng lupa, **Awit** 37:11 (Mat. 5:5; 3 Ne. 12:5; D at T 88:17). Hanapin ninyo ang Panginoon, kayong lahat na maamo; hanapin ang katwiran, hanapin ang kaamuan, **Zef.** 2:3 (1 Tim. 6:11). Matuto kayo sa akin sapagkat ako ay maamo at mapagpakumbaba ang puso, **Mat.** 11:29. Kaamuan ay isang bunga ng Espiritu, **Gal.** 5:22–23. Ang tagapaglingkod ng Panginoon ay nararapat na maamo, sapat na makapagturo, matiisin, sa kaamuan nagbibigay-tagubilin sa yaong mga sumasalungat, **2 Tim.** 2:24–25. Ang espiritung maamo at payapa ay may malaking kahalagahan sa paningin ng Diyos, **1 Ped.** 3:4. Hubarin ang likas na tao at maging maamo, **Mos.** 3:19 (Alma 13:27–28). Inutusan ng Diyos si Helaman na turuan ang mga tao na maging maamo, **Alma** 37:33. Ang biyaya ng Panginoon ay sapat para sa maaamo, **Eter** 12:26. Kayo ay may pananampalataya kay Cristo dahil sa inyong kababaang-loob, **Moro.** 7:39. Walang isa mang katanggap-tanggap sa Diyos maliban sa mababang-loob at may mapagkumbabang puso, **Moro.** 7:44. Ang kapatawaran ng mga kasalanan ay nagdadala ng kaamuan, at dahil sa kaamuan ay dumarating ang pagdalaw ng Espiritu Santo, **Moro.** 8:26. Lumakad sa kaamuan ng aking Espiritu, **D at T** 19:23. Pamahalaan ang iyong tahanan sa kaamuan, **D at T** 31:9. Ang kapangyarihan at impluwensiya ng pagkasaserdote ay maaaring mapanatili ng kahinahunan at kaamuan, **D at T** 121:41.

**MABIGAT NA KAPARUSAHAN.** *Tingnan din sa* Pagpaslang

Parusang kamatayan para sa kasalanang nagawa, na higit na iniuugnay sa kaparusahan na sanhi ng pagpaslang.

Sinuman ang magbubo ng dugo ng tao, sa pamamagitan ng tao ay mabububo rin ang kanyang dugo, **Gen.** 9:6 (PJS, Gen. 9:12–13). Ang mamamatay-tao ay tiyak na papatayin, **Blg.** 35:16. Ang mga mamamatay-taong pumapatay nang sadya ay mamamatay, **2 Ne.** 9:35. Ikaw ay hinahatulang mamatay alinsunod sa batas, **Alma** 1:13–14. Siya na pumapaslang ay pinarurusahan hanggang kamatayan, **Alma** 1:18. Hinihingi ng batas ang buhay niya na pumaslang, **Alma** 34:12. Siya na pumatay ay mamamatay, **D at T** 42:19.

**MABUBUTI.** *Tingnan sa* Matwid, Katwiran

**MABUTING PASTOL.** *Tingnan din sa* Jesucristo

Si Jesucristo ang Mabuting Pastol. Sa pagsasagisag, ang kanyang mga tagasunod ay tulad ng mga tupa na siyang binabantayan ni Jesus.

Ang Panginoon ay aking pastol, **Awit** 23:1. Pakakainin niya ang kanyang kawan katulad ng isang pastol, **Is.** 40:11. Hahanapin ko ang aking tupa, **Ez.** 34:12. Ako ang mabuting pastol, **Juan** 10:14–15. Si Jesus ang siyang dakilang pastol ng mga tupa, **Heb.** 13:20. Bilang niya ang kanyang mga tupa at siya'y kilala nila, **1 Ne.** 22:25. Ang mabuting pastol ay tumatawag sa inyo sa kanyang pangalan, na Cristo, **Alma** 5:38, 60. Magkakaroon ng isang kawan, at isang pastol, **3 Ne.** 15:21 (Juan 10:16).

**MADAMA.** *Tingnan din sa* Espiritu Santo

Ang madama ang mga pagpupukaw ng Espiritu.

Kayo ay manhid kung kaya't hindi ninyo madama ang kanyang mga salita, **1 Ne.** 17:45. Kapag nadama ninyo ang ganitong paglaki, kayo ay magsisimulang magsabi na ito ay isang mabuting binhi, **Alma** 32:28. Madarama mo na tama ito, **D at T** 9:8. Madarama ng lahat ng taong papasok sa bahay ng Pa-

nginoon ang kanyang kapangyarihan, **D at T** 109:13.

**MAG-ANAK.** *Tingnan din sa* Ama, Mortal na; Bata, Mga Bata; Ina; Kasal, Pagpapakasal

Tulad ng pagkakagamit sa mga banal na kasulatan, ang isang mag-anak ay binubuo ng isang mag-asawa, mga anak, at minsan iba pang mga kamag-anak na nakatira sa bahay ding iyon o nasasailalim ng isang pinuno ng mag-anak. Maaari ring ang isang pamilya ay binubuo ng isang magulang na may mga anak, isang mag-asawa na walang mga anak, o maaari ring maging isang tao na naninirahang mag-isa.

*Pangkalahatan:* Sa iyo ang lahat ng mag-anak sa mundo ay pagpapalain, **Gen.** 12:3 (Gen. 28:14; Abr. 2:11). Ako ang magiging Diyos ng lahat ng mag-anak ni Israel, **Jer.** 31:1. Pinangalanan ng Ama ang buong mag-anak ng langit at lupa, **Ef.** 3:14–15. Isinilang kina Adan at Eva ang mag-anak ng buong mundo, **2 Ne.** 2:20. Ang iyong kaluwalhatian ay isang pagpapatuloy ng mga binhi magpakailanman, **D at T** 132:19. Pagkakalooban ko siya ng mga putong ng mga buhay na walang hanggan sa mga walang hanggang daigdig, **D at T** 132:55. Ang pagbubuklod ng mga anak sa mga magulang ay bahagi ng dakilang gawain sa kaganapan ng panahon, **D at T** 138:48. Lalaki at babae ay nilalang ko sila, at sinabi sa kanila: Maging palaanakin kayo, at magpakarami, **Moi.** 2:27–28. Hindi mabuti na ang lalaki ay mag-isa, **Moi.** 3:18. Magkasamang nagpagal sina Adan at Eva, **Moi.** 5:1.

*Mga tungkulin ng mga magulang:* Uutusan ni Abraham ang kanyang mga anak, at iingatan nila ang daan ng Panginoon, **Gen.** 18:17–19. Ituro ninyo nang masigasig ang mga salitang ito sa inyong mga anak, **Deut.** 6:7 (Deut. 11:19). Siya na nagmamahal sa kanyang anak ay nagpaparusa sa kanya paminsan-minsan, **Kaw.** 13:24 (Kaw. 23:13). Turuan ang isang anak sa daang kanyang patutunguhan, **Kaw.** 22:6. Masayang mamumuhay kasama ang asawa na iyong inibig, **Ec.** 9:9. Tuturuan ng Panginoon ang lahat ng iyong anak, **Is.** 54:13 (3 Ne. 22:13). Palakihin sila sa pangangalaga ng Panginoon, **Ef.** 6:1–4 (Enos 1:1). Kung sinuman ang hindi maglaan para sa kanyang sarili, ikinakaila niya ang pananampalataya, **1 Tim.** 5:8. Kanyang pinayuhan sila lakip ang lahat ng damdamin ng isang nagmamahal na magulang, **1 Ne.** 8:37. Nangungusap tayo tungkol kay Cristo upang malaman ng ating mga anak kung kanino sila aasa, **2 Ne.** 25:26. Mahal ng mga ama at ina ang kanilang mga anak, **Jac.** 3:7. Turuan silang mahalin ang bawat isa at paglingkuran ang bawat isa, **Mos.** 4:14–15. Ipagtanggol ang inyong mga mag-anak maging hanggang sa pagdanak ng dugo, **Alma** 43:47. Manalangin sa inyong mga mag-anak nang ang inyong mga asawa at inyong mga anak ay pagpalain, **3 Ne.** 18:21. Dapat ituro ng mga magulang ang ebanghelyo sa kanilang mga anak, **D at T** 68:25. Tungkulin ng bawat tao na maglaan para sa kanyang sariling mag-anak, **D at T** 75:28. Lahat ng anak ay may karapatan sa kanilang mga magulang, **D at T** 83:4. Palakihin ang inyong mga anak sa liwanag at katotohanan, **D at T** 93:40. Ayusin ang sarili ninyong sambahayan, **D at T** 93:43–44, 50. Dapat mahikayat ng mga nagtataglay ng pagkasaserdote ang iba sa pamamagitan lamang ng hindi pakunwaring pag-ibig, **D at T** 121:41. Ipinaalam nina Adan at Eva ang lahat ng bagay sa kanilang mga anak, **Moi.** 5:12.

*Mga tungkulin ng anak:* Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina, **Ex.** 20:12. Anak ko, pakinggan ang tagubilin ng iyong ama, **Kaw.** 1:8 (Kaw. 13:1; 23:22). Napasailalim si Jesus sa kanyang mga magulang, **Lu.** 2:51. Ginawa ni Jesus ang kalooban ng kanyang Ama, **Juan** 6:38 (3 Ne. 27:13). Sundin ang inyong mga magulang sa Panginoon, **Ef.** 6:1 (Col. 3:20). Kung ang mga anak ay magsisisi, maaalis ang galit ninyo, **D at T** 98:45–48. Sinasamba ng matatapat na anak na babae ni Eva ang tunay at buhay na Diyos, **D at T** 138:38–39.

*Mag-anak na walang hanggan:* Ipinahahayag sa Doktrina at mga Tipan ang walang hanggang likas na pagkakaugnay ng pagpapakasal at ng mag-anak. Ang kasal na Selestiyal at isang pagpapatuloy ng mag-anak ay makatutulong sa mga asawang lalaki at mga asawang babae na maging mga diyos (D at T 132:15–20).

**MAGBANTAY, MGA TAGABANTAY.** *Tingnan din sa* Babala, Binalaan

Maging listo, magtanod. Ang taong nagbabantay at sumusunod ay laan at handa. Ang mga tagabantay ay mga pinunong tinawag ng mga kinatawan ng Panginoon upang magkaroon ng mga natatanging tungkulin para sa kapakanan ng iba. Yaong mga tinawag bilang mga pinuno ay may mga natatanging tungkulin na maging mga tagabantay rin sa buong daigdig.

Ginawa kitang tagabantay, **Ez.** 3:17–21. Yaong mga tagabantay na nagbigay ng tinig ng babala ay iniligtas ang kanilang sariling mga kaluluwa, **Ez.** 33:7–9. Mangagbantay nga kayo: sapagkat hindi ninyo nalalaman kung anong araw paparito ang Panginoon, **Mat.** 24:42–43 (Mat. 25:13; Mar. 13:35–37; D at T 133:10–11). Magsipagbantay at manalangin nang huwag kayong magsipasok sa tukso, **Mat.** 26:41 (3 Ne. 18:15, 18). Kung hindi ninyo babantayan ang inyong sarili, ang inyong mga isipan, ang inyong mga salita, ang inyong mga gawa, kayo ay tiyak na masasawi, **Mos.** 4:30. Si Alma ay nag-orden ng mga saserdote at elder upang mamuno at magbantay sa simbahan, **Alma** 6:1. Siya na hindi naghihintay sa Tagapagligtas ay ihihiwalay, **D at T** 45:44. Ang obispo at iba pa ay tinawag at inordenan ng Diyos upang mangalaga sa Simbahan, **D at T** 46:27. Nagtalaga ang Panginoon ng mga tagabantay sa ubasan, **D at T** 101:44–58.

**MAGBIBIGAY-SULIT.** *Tingnan sa* Mananagot, Pananagutan, May Pananagutan

**MAGNAKAW, PAGNANAKAW**

Pagkuha ng anuman sa ibang tao nang walang katapatan o labag sa batas. Tuwinang ipinag-uutos ng Panginoon sa kanyang mga anak na huwag magnakaw (Ex. 20:15; Mat. 19:18; 2 Ne. 26:32; Mos. 13:22; D at T 59:6).

Kayo'y mangagtipon ng mga kayamanan sa langit, doo'y hindi nanghuhukay at hindi nagsisipagnakaw ang mga magnanakaw, **Mat.** 6:19–21. Sumapit ang pagkatalo ng mga Nephita dahil sa kapalaluan, mga yaman, panloloob, pagnanakaw, **Hel.** 4:12. Siya na nagnanakaw at hindi magsisisi ay ititiwalag, **D at T** 42:20. Yaong mga nagnanakaw ay isusuko sa batas ng lupain, **D at T** 42:84–85.

**MAGOG.** *Tingnan din sa* Gog; Ikalawang Pagparito ni Jesucristo

Sa Biblia, isang lupain at mga taong malapit sa Dagat na Itim. Ang kanilang hari, si Gog, ang mamumuno sa mga hukbo ng Magog sa huling malaking digmaan bago ang ikalawang pagparito ni Cristo (Ez. 38:2; 39:6). Bumabanggit din ang mga banal na kasulatan tungkol sa isa pang malaking digmaan ng Gog at Magog pagkatapos ng Milenyo sa pagitan ng mga lakas ng Diyos at lakas ng masama (Apoc. 20:7–9; D at T 88:111–116).

**MAGPATAWAD.** *Tingnan din sa* Bayad-sala, Pagbabayad-sala; Kapatawaran ng mga Kasalanan; Magsisi, Pagsisisi; Pagtatapat, Magtapat

Tulad ng pagkakagamit sa mga banal na kasulatan, ang magpatawad ay nangangahulugan ng isa sa dalawang bagay: (1) Kapag pinatatawad na ng Diyos ang mga tao, inililiban niya o isinasaisantabi ang kaukulang parusa para sa kasalanan. Sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo, ang kapatawaran ng mga kasalanan ay para sa lahat na nagsisi, maliban sa yaong may mga kasalanan ng pagpaslang o ng walang kapatawarang kasalanan laban sa Espiritu Santo. (2) Habang pinatatawad

ng mga tao ang isa't isa, pinakikitunguhan nila ang isa't isa nang may pag-ibig na katulad ng kay Cristo at walang mga sama ng loob sa mga yaong nagkasala sa kanila (Mat. 5:43–45; 6:12–15; Lu. 17:3–4; 1 Ne. 7:19–21).

Ang Panginoon ay may mahabang pagtitiis, at may dakilang awa, nagpapatawad ng kasamaan at kasalanan, **Blg.** 14:18. Kahit na kasimpula ng granate ang inyong mga kasalanan, ito ay magiging simputi ng niebe, **Is.** 1:18. Patawarin kami sa aming mga pagkakautang, katulad ng pagpapatawad namin sa nagkakautang sa amin, **Mat.** 6:12 (Lu. 11:4; 3 Ne. 13:11). May kapangyarihan ang Anak ng tao na magpatawad ng mga kasalanan, **Mat.** 9:6 (Mat. 18:35; Mar. 2:10; Lu. 5:20–24). Gaano kadalas magkakasala ang aking kapatid laban sa akin, at patatawarin ko siya? **Mat.** 18:21–22 (D at T 98:40). Siya na lumapastangan laban sa Banal na Espiritu ay walang kapatawaran, **Mar.** 3:29 (Alma 39:6). Kung nagkasala ang iyong kapatid sa iyo at nagsisi, patawarin mo siya, **Lu.** 17:3. Ama patawarin mo sila, sapagkat hindi nila nalalaman kung ano ang kanilang ginagawa, **Lu.** 23:34. Manalangin para sa kapatawaran, **1 Ne.** 7:21. Gamitin ang mapagbayad-salang dugo ni Cristo upang kami ay makatanggap ng kapatawaran sa aming mga kasalanan, **Mos.** 4:2. Kung magtatapat siya ng kanyang mga kasalanan sa harapan mo at sa akin, at magsisi, siya ay iyong patatawarin, **Mos.** 26:29–31. Siya na nagsisisi at sumusunod sa mga kautusan ay patatawarin, **D at T** 1:32. Hawakan ang iyong panggapas, at ang iyong mga kasalanan ay patatawarin, **D at T** 31:5 (D at T 84:61). Siya na nagsisi ng kanyang mga kasalanan ay patatawarin, at ako, ang Panginoon, ay hindi na naaalaala ang mga ito, **D at T** 58:42. Ako ay magpapatawad sa yaong aking patatawarin subalit kayo ay kinakailangang magpatawad sa lahat ng tao, **D at T** 64:10. Yayamang pinatatawad ninyo ang isa't isa sa inyong mga kasalanan, maging ako, ang Panginoon, ay pinatatawad kayo, **D at T** 82:1. Ang aking minamahal ay akin ding pinarurusahan upang ang kanilang mga kasalanan ay mapatawad, **D at T** 95:1. Pinatawad kita sa iyong paglabag, **Moi.** 6:53.

**MAGPATOTOO.** *Tingnan din sa* Patotoo

Ang sumaksi sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo; gumawa ng tapat na pahayag ng katotohanan hango sa sariling kaalaman at paniniwala.

Ang Mang-aaliw ang magpapatotoo sa akin, **Juan** 15:26. Inutusan niya na magsipangaral at magpatotoo kami, **Gawa** 10:42. Tatlong saksi ang magpapatotoo sa katotohanan, **2 Ne.** 27:12. Ang kapangyarihan ng Espiritu Santo ang nagdadala nito sa mga puso ng mga anak ng tao, **2 Ne.** 33:1. Ang mga banal na kasulatan ay nagpapatotoo kay Cristo, **Jac.** 7:10–11 (Juan 5:39). Ako ay nagpapatotoo sa inyo na alam ko na ang mga bagay na aking sinabi ay totoo, **Alma** 5:45 (Alma 34:8). Kayo ay magpapatotoo sa kanila sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, **D at T** 17:3–5. Yaong pinatototohanan ng Espiritu sa inyo, gawin ninyo, **D at T** 46:7. Isinugo ko kayo upang magpatotoo at magbabala, **D at T** 88:81.

**MAGSALIN**

Ang maipahayag ang kahulugan ng isang ibinigay na kuru-kuro sa isang wika na kasingkahulugan ng iba pang wika (Mos. 8:8–13; S ng P 1:8). Sa mga banal na kasulatan madalas itong tukuyin bilang isang kaloob mula sa Diyos (Alma 9:21; D at T 8; 9:7–9). Nangangahulugan ito minsan ng pagpapabuti o pagtatama ng isang pagsasalin sa isang wika o pagpapanumbalik ng isang nawalang teksto (D at T 45:60–61). Inutusan si Joseph Smith na magsagawa ng isang pagsasalin ng Biblia ni Haring James (D at T 42:56; 76:15).

May kapangyarihan si Joseph Smith na makapagsalin sa pamamagitan ng awa ng Diyos, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, **D at T** 1:29. Ikaw ay may kaloob na magsalin, **D at T** 5:4.

Pagkakalooban kita ng isang kaloob, kung nanaisin mo na tanggapin ito sa akin, na makapagsalin, **D at T** 6:25. Nagbigay ang Diyos ng kapangyarihan kay Joseph Smith mula sa kaitaasan upang isalin ang Aklat ni Mormon, **D at T** 20:8. Sa pamamagitan ng Urim at Tummim naisalin ko ang ilan sa mga titik, **JS—K** 1:62 (Mos. 8:13; 28:13).

**MAGSISI, PAGSISISI.** *Tingnan din sa* Bagbag na Puso; Bayad-sala, Pagbabayad-sala; Jesucristo; Kapatawaran ng mga Kasalanan; Magpatawad; Pagtatapat, Magtapat

Ang pagbabago ng pag-iisip at kalooban na nagdudulot ng pangkalahatang bagong saloobin sa Diyos, sa sarili, at sa buhay. Ang pagsisisi ay nangangahulugan na ang isang tao ay tumatalikod sa kasalanan at itinutuon ang kanyang puso at kalooban sa Diyos, napasasakop sa mga kautusan ng Diyos at naghahangad at tinatalikdan ang kasalanan. Ang tunay na pagsisisi ay nagbubuhat sa pag-ibig sa Diyos at isang tapat na hangaring sumunod sa mga kautusan niya. Lahat ng taong nasa gulang ng pananagutan ay nagkasala at nararapat na magsisi upang patuloy na umunlad tungo sa kaligtasan. Sa pamamagitan lamang ng pagbabayad-sala ni Jesucristo ang pagsisisi ay maaaring magkabisa at tanggapin ng Diyos.

Mangagtapat kayo sa Panginoon, **Ezra** 10:11. Alisin ninyo ang kasamaan ng inyong mga gawa; mangaglikat kayo ng paggawa ng kasamaan, **Is.** 1:16. Kayo'y magbalik-loob, at magsihiwalay kayo sa lahat ninyong paglabag, **Ez.** 18:30–31. Magsisi kayo: sapagkat nalalapit na ang kaharian ng langit, **Mat.** 3:2. Magkakatuwa sa langit dahil sa isang makasalanang nagsisisi, **Lu.** 15:7. Ipinag-uutos ng Diyos sa mga tao na magsisi silang lahat sa lahat ng dako, **Gawa** 17:30 (2 Ne. 9:23; 3 Ne. 11:31–40; D at T 133:16). Ang kalumbayang mula sa Diyos ay tungo sa pagsisisi sa ikaliligtas, **2 Cor.** 7:10. Ang Espiritu ng Panginoong Makapangyarihan ay gumawa ng malaking pagbabago sa aming mga puso, na kami ay wala nang hangarin pang gumawa ng masama, **Mos.** 5:2. Kung magtatapat siya ng kanyang mga kasalanan at magsisisi, siya ay iyong patatawarin, **Mos.** 26:29. Pagkatapos ng pangangaral ni Alma, nagsimulang magsipagsisi ang maraming tao, **Alma** 14:1. Huwag ipagpaliban ang araw ng inyong pagsisisi, **Alma** 34:33. Itinuro ni Alma kay Helaman ang tungkol sa kanyang pagsisisi at pagbabalik-loob, **Alma** 36 (Mos. 27:8–32). Ang pagsisisi ay hindi mapapasa mga tao maliban kung may kaparusahan, **Alma** 42:16. Hayaan na ang iyong mga kasalanan na lamang ang bumagabag sa iyo, sa yaong pangbabagabag na magdadala sa iyo sa pagsisisi, **Alma** 42:29. Mag-aalay kayo bilang pinakahain sa akin ng bagbag na puso at nagsisising espiritu, **3 Ne.** 9:20. Sinuman ang nagsisisi at lalapit sa akin tulad ng maliit na bata, siya ay tatanggapin ko, **3 Ne.** 9:22. Magsisi, lahat kayong nasa mga dulo ng mundo, **3 Ne.** 27:20. Kasindalas na sila ay magsisi, sila'y pinatatawad, **Moro.** 6:8. Huwag mangaral ng anuman kundi pagsisisi sa salinlahing ito, **D at T** 6:9 (D at T 11:9). Anong laki ng kanyang kagalakan sa kaluluwang nagsisisi! **D at T** 18:13. Ang bawat tao ay kinakailangang magsisi o magdusa, **D at T** 19:4. Siya na nagkasala at hindi nagsisi ay ititiwalag, **D at T** 42:28. Siya na nagsisisi at tinatalikdan ang kanyang mga kasalanan ay pinatatawad, **D at T** 58:42–43. Ang mga patay na magsisisi ay matutubos, **D at T** 138:58. Naniniwala kami sa pagsisisi, **S ng P** 1:4.

**MAGTANONG.** *Tingnan sa* Humingi

**MAGULANG, MGA.** *Tingnan din sa* Ama, Mortal na; Ina

Ang mga ama at ina. Ang mga karapatdapat na mag-asawa na nabuklod nang tama sa kasal sa templo ng Diyos ay maaaring gumanap ng kanilang mga tungkulin bilang mga magulang sa buong kawalang-hanggan.

Mga anak, sundin ang inyong mga magulang, **Ef.** 6:1–3 (Col. 3:20). Sina Adan

at Eva ang ating mga unang magulang, **1 Ne.** 5:11. Upang ang sumpa ay maalis sa inyo at panagutan ng inyong mga magulang, **2 Ne.** 4:6. Turuan ang mga magulang na sila ay kinakailangang magsisi at magpabinyag, **Moro.** 8:10. Ang mga magulang ay inutusang ituro ang ebanghelyo sa kanilang mga anak, **D at T** 68:25. Lahat ng anak ay may karapatan sa kanilang mga magulang, **D at T** 83:4. Ang mga kasalanan ng mga magulang ay hindi maaaring ipasagot sa mga ulo ng mga anak, **Moi.** 6:54.

**MAHALAGANG PERLAS.** *Tingnan din sa* Banal na Kasulatan, Mga; Kanoniko; Smith, Joseph, Jr.

Ang kaharian ng Diyos sa lupa ay inihalintulad sa isang "mahalagang perlas" (Mat. 13:45–46).

Ang Mahalagang Perlas ang katawagang ibinigay rin sa isa sa apat na aklat ng banal na kasulatan na tinatawag na "pamantayang gawa" ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Inilathala ang unang edisyon ng Mahalagang Perlas noong 1851 at naglalaman ng ilang bagay na ngayo'y nasa Doktrina at mga Tipan. Naglalaman ang mga edisyong inilathala mula noong 1902 ng (1) isang hango mula sa pagsasalin ni Joseph Smith ng Genesis, na tinawag na aklat ni Moises, at ng Mateo 24, na tinawag na Joseph Smith—Mateo; (2) ang pagsasalin ni Joseph Smith ng ilang papyrus na galing sa Egipto na kanyang nakuha noong 1835, na tinawag na aklat ni Abraham; (3) isang hango mula sa kasaysayan ng Simbahan na isinulat ni Joseph Smith noong 1838, na tinawag na Joseph Smith—Kasaysayan; at (4) ang Mga Saligan ng Pananampalataya, labintatlong pangungusap ng paniniwala at doktrina.

**MAHALAY, KAHALAYAN.** *Tingnan din sa* Kalinisang-puri; Makamundo; Pagnanasa; Pakikiapid; Pangangalunya; Seksuwal na Imoralidad

Ang pagkamahilig o pagnanasa sa maling kagustuhan ng katawan, lalo na sa seksuwal na imoralidad.

Tinitigan si Jose ng asawa ng kanyang panginoon, **Gen.** 39:7. Ang bawat tumingin sa isang babae na taglay ang masamang hangad ay nagkakasala ng pakikiapid, **Mat.** 5:28 (3 Ne. 12:28). Magsipagpigil kayo sa masasamang pita ng laman, na nakikipaglaban sa kaluluwa, **1 Ped.** 2:11. Ang masamang pagnanasa ng laman at ang masamang pagnanasa ng mga mata ay hindi mula sa Ama, **1 Juan** 2:16. Huwag nang sundin pa ang pagnanasa ng iyong mga mata, **Alma** 39:9. Sa pamamagitan ng paglabag sa mga batas na banal ang tao ay naging makamundo, **D at T** 20:20. Kung sinuman ang magkasala ng pakikiapid sa kanilang mga puso, hindi mapapasakanila ang Espiritu, **D at T** 63:16. Tumigil sa lahat ng inyong mahahalay na pagnanasa, **D at T** 88:121. Nagsimulang maging makamundo, mahalay, maladiyablo ang tao, **Moi.** 5:13 (Mos. 16:3; Moi. 6:49).

**MAKAMUNDO.** *Tingnan din sa* Likas na Tao; Mahalay, Kahalayan; Pagkahulog nina Adan at Eva

Isang bagay na hindi espirituwal; tiyakang magagamit ang salita upang ipakahulugan ang pagiging may kamatayan at temporal (D at T 67:10) o pagiging makalupa, makalaman, at mahalay (Mos. 16:10–12).

Ang maging mahalay sa kaisipan ay kamatayan, **2 Ne.** 9:39. Dahan-dahang inaakay palayo ng diyablo ang mga tao tungo sa makamundong katiwasayan, **2 Ne.** 28:21. Nakita nila ang sarili sa kanilang makamundong kalagayan, **Mos.** 4:2. Siya na nagpupumilit sa kanyang sariling likas na kamunduhan ay nananatili sa kanyang pagkahulog na kalagayan, **Mos.** 16:5. Kinakailangang isilang na muli sa Diyos ang lahat, magbago mula sa kanilang makamundo at pagkahulog na kalagayan, **Mos.** 27:25. Ang sangkatauhan ay naging makamundo, makalaman, at mala-diyablo, **Alma** 42:10. Yaong mga sumusunod sa

sarili nilang kagustuhan at makamundong nasain ay tiyak na babagsak, **D at T** 3:4. Hindi makikita ng taong may mahalay na pag-iisip ang Diyos, **D at T** 67:10–12. Ang mga tao ay nagsimulang maging makamundo, mahalay, at maladiyablo, **Moi.** 5:13; 6:49.

**MAKAPAGTIIS.** *Tingnan din sa* Pagdurusa; Tiyaga; Tukso, Panunukso

Ang manatiling matatag sa pangakong magiging tapat sa mga kautusan ng Diyos sa kabila ng panunukso, labanan at pagdurusa.

Siya na makapagtitiis hanggang wakas ay maliligtas, **Mat.** 10:22 (Mar. 13:13). Sila ay walang ugat at nakapagtiis subalit sa maikling panahon lamang, **Mar.** 4:17. Napagtitiisan ng pag-ibig sa kapwa-tao ang lahat ng bagay, **1 Cor.** 13:7. Matapos na si Abraham ay matiyagang nakapagtiis, natamo niya ang pangako, **Heb.** 6:15. Kung sila ay makapagtitiis hanggang wakas, sila ay dadakilain sa huling araw, **1 Ne.** 13:37. Kung kayo ay magiging masunurin sa mga kautusan, at magtitiis hanggang wakas, maliligtas kayo, **1 Ne.** 22:31 (Alma 5:13). Kung kayo ay magpapatuloy sa paglakad, magpapakabusog sa salita ni Cristo, at magtitiis hanggang wakas, kayo ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan, **2 Ne.** 31:20 (3 Ne. 15:9; D at T 14:7). Sinuman ang magtataglay ng aking pangalan, at magtitiis hanggang wakas, ay maliligtas, **3 Ne.** 27:6. Sinuman ang mananatili sa aking simbahan hanggang wakas, siya ay aking itatayo sa aking bato, **D at T** 10:69. Siya na nagtitiis sa pananampalataya ay mananaig sa sanlibutan, **D at T** 63:20, 47. Lahat ng luklukan at nasasakupan ay itatalaga sa lahat ng yaong magiting na nagtiis para sa ebanghelyo ni Jesucristo, **D at T** 121:29.

**MAKAPANGYARIHAN AT KARUMAL-DUMAL NA SIMBAHAN.** *Tingnan sa* Diyablo—Ang simbahan ng diyablo

**MAKASAKIT**

Makasira ng isang banal na batas, magkasala, o maging sanhi ng paghihirap o kapinsalaan; gayun din ang magpagalit o mang-inis.

Ang isang kapatid na nasaktan ang kalooban ay mahirap mabawi kaysa matibay na bayan, **Kaw.** 18:19. At kung ang kanan mong mata ay nakapagpapatisod sa iyo, ay dukutin mo ito, **Mat.** 5:29. Sinumang magbigay ng ikatitisod sa isa sa maliliit na ito na nagsisimpalataya sa akin, mabuti pang siya ay lunurin sa dagat, **Mat.** 18:6 (D at T 121:19–22). Kung magkasala ang inyong kapatid na lalaki o kapatid na babae at umamin, kayo ay makipagkasundo, **D at T** 42:88. Walang sinuman ang makasasakit ng damdamin ng Diyos, maliban sa mga yaong hindi kumikilala ng kanyang gawain at hindi sumusunod sa kanyang mga kautusan, **D at T** 59:21.

**MAKASALANAN.** *Tingnan din sa* Kasalanan; Kawalang-katwiran, Hindi Matwid; Marumi, Karumihan; Masama, Kasamaan

Isang tao o isang bagay na hindi naaayon sa kalooban o mga kautusan ng Diyos; masama at hindi banal.

Ang lakad ng masasama ay mapapahamak, **Awit** 1:6. Kung ang mabubuti ay bahagya nang makaliligtas, saan kaya magsisiharap ang mga makasalanan? **1 Ped.** 4:18. Pagkaitan ang inyong sarili ng lahat ng kasamaan, **Moro.** 10:32. Ang paghihiganti ay mabilis na darating sa mga makasalanan, **D at T** 97:22. Sa mga makasalanan, hindi maririnig ang tinig ng Tagapagligtas, **D at T** 138:20.

**MAKINIG.** *Tingnan din sa* Pagsunod, Masunurin, Sumunod; Tainga

Ang makinig at sumunod sa tinig o mga turo ng Panginoon.

Magbabangon ang Panginoon ng isang propetang katulad niya, at pakikinggan ninyo siya, **Deut.** 18:15. Ang makinig ay higit pa kaysa sa mga taba ng tupang lalaki na ihahain, **1 Sam.** 15:20–23. Hindi namin pinakinggan ang mga ta-

gapaglingkod ng Panginoon, ang mga propeta, **Dan.** 9:6. Hindi lilipulin ang mga mabubuti na makikinig sa mga salita ng mga propeta, **2 Ne.** 26:8. Kung hindi kayo makikinig sa tinig ng mabuting pastol, kayo ay hindi niya mga tupa, **Alma** 5:38 (Hel. 7:18). Makinig, O kayong mga tao ng aking simbahan, **D at T** 1:1. Ang mga yaong nakinig sa tinig ng Espiritu ay naliliwanagan at lumalapit sa Ama, **D at T** 84:46–47. Sila ay mabagal sa pagdinig sa Panginoon; samakatwid, siya ay mabagal sa pagdinig sa kanilang mga panalangin, **D at T** 101:7–9. Pinarurusahan ang mga yaong hindi nakikinig sa mga kautusan, **D at T** 103:4 (Moi. 4:4).

**MALAKIAS**

Isang propeta sa Lumang Tipan na sumulat at nagpropesiya noong mga 430 B.C.

*Ang aklat ni Malakias:* Ang aklat o propesiya ni Malakias ang huling aklat sa Lumang Tipan. Ito ay tila may sinusundang apat na pangunahing paksa: (1) ang mga pagkakasala ng Israel—Malakias 1:6–2:17; 3:8–9; (2) ang mga paghuhukom na sasapit sa Israel dahil sa kanilang pagsuway—Malakias 1:14; 2:2–3, 12; 3:5; (3) ang mga pangako sa pagsunod—Malakias 3:10–12, 16–18; 4:2–3; at (4) mga propesiya tungkol sa Israel—Malakias 3:1–5; 4:1, 5–6 (D at T 2; 128:17; JS—K 1:37–39).

Sa kanyang propesiya, si Malakias ay nagsulat tungkol kay Juan Bautista (Mal. 3:1; Mat. 11:10), sa batas ng ikapu (Mal. 3:7–12), sa ikalawang pagparito ng Panginoon (Mal. 4:5), at sa pagbabalik ni Elijah (Mal. 4:5–6; D at T 2; 128:17; JS—K 1:37–39). Binanggit ng Tagapagligtas ang lahat ng kabanata 3 at 4 ng Malakias sa mga Nephita (3 Ne. 24–25).

**MALAYA, KALAYAAN.** *Tingnan din sa* Kalayaang Mamili; Pagkabihag

Ang kapangyarihan o kakayahang gumawa ng sariling pagpili nang hindi pinipilit. Sa bagay na espirituwal, ang isang taong nagsisisi at sumusunod sa kalooban ng Diyos ay malaya mula sa pagkaalipin sa kasalanan sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Jesucristo (Mos. 5:8).

Lalakad ako sa kalayaan: sapagkat aking hinanap ang iyong mga tuntunin, **Awit** 119:45. Ang katotohanan ang magpapalaya sa iyo, **Juan** 8:32. Ang mga yaong naging malaya mula sa kasalanan ay makatatanggap ng buhay na walang hanggan, **Rom.** 6:19–23. Kung saan naroroon ang Espiritu ng Panginoon, doon ay may kalayaan, **2 Cor.** 3:17. Magpakatatag sa kalayaan kung saan tayo ginawang malaya ni Cristo, **Gal.** 5:1 (D at T 88:86). Ang mga tao ay malayang makapipili sa kalayaan at buhay na walang hanggan, **2 Ne.** 2:27. Ang isang mabuting sanga ng sambahayan ni Israel ay ilalabas mula sa pagkabihag tungo sa kalayaan, **2 Ne.** 3:5. Ang lupaing ito ay magiging lupain ng kalayaan, **2 Ne.** 10:11. Tumawag sila sa Panginoon para sa kanilang kalayaan, **Alma** 43:48–50. Ipinataas ni Moroni ang bandila ng kalayaan sa mga Nephita, **Alma** 46:36. Nagalak si Moroni sa kalayaan ng kanyang bayan, **Alma** 48:11. Ang Espiritu ng Diyos ay diwa ng kalayaan, **Alma** 61:15. Sumunod sa akin, at kayo ay magiging malalayang tao, **D at T** 38:22. Nagpahayag ang Panginoon at ang kanyang mga tagapaglingkod ng kalayaan sa mga bihag na espiritu, **D at T** 138:18, 31, 42.

**MALIGAYA, KALIGAYAHAN.** *Tingnan sa* Kagalakan

**MALINIS AT HINDI MALINIS.** *Tingnan din sa* Batas ni Moises, Mga; Dalisay, Kadalisayan; Marumi, Karumihan

Sa Lumang Tipan, ipinahayag ng Panginoon kay Moises at sa mga sinaunang Israelita na may ilang pagkain lamang ang ipinalalagay na malinis, o sa ibang salita, maaaring kainin. Ang ginawang pagtatangi ng mga Israelita sa malinis at hindi malinis na pagkain ay nagkaroon ng malaking kaugnayan sa kanilang pangrelihiyon at panlipunang pamumuhay. Ilang hayop, ibon, at isda

ay ipinalalagay na malinis at maaaring kainin, samantalang ang iba ay hindi malinis at ipinagbabawal (Lev. 11; Deut. 14:3–20). Ang ilang taong maysakit ay ipinalalagay ring hindi malinis.

Sa pananaw na espirituwal, ang maging malinis ay maging malaya sa kasalanan at makasalanang pagnanasa. Sa dakong ito ginagamit ang salita upang ilarawan ang isang taong malinis at may dalisay na puso (Awit 24:4). Ang mga pinagtipanang tao ng Diyos ay palagi nang may mga natatanging tagubilin na maging malinis (3 Ne. 20:41; D at T 38:42; 133:5).

Siya na may malilinis na kamay at dalisay na puso ay aakyat sa burol ng Panginoon, **Awit** 24:3–5. Huwag tawagin ang sinumang tao na marumi o karumal-dumal, **Gawa** 10:11–28. Kayo ba'y makatitingin sa Diyos sa araw na iyon nang may dalisay na puso at malilinis na kamay? **Alma** 5:19. Parurusahan ng Panginoon ang Sion hanggang siya ay maging malinis, **D at T** 90:36. Magpakalinis kayo na mga nagdadala ng mga sisidlan ng Panginoon, **D at T** 133:4–5, 14 (Is. 52:11).

**MAMILI, NAMILI, PUMILI.** *Tingnan din sa* Kalayaang Mamili; Malaya, Kalayaan; Tawag, Tinawag ng Diyos, Pagkakatawag

Kapag pumipili ang Panginoon, o namimili, ng isang tao o pangkat, karaniwan ding tinatawag niya sila na maglingkod.

Piliin ninyo sa araw na ito kung sino ang inyong paglilingkuran, **Jos.** 24:15 (Alma 30:8; Moi. 6:33). Ako ay nakipagtipan sa aking pinili, **Awit** 89:3. Pinili kita mula sa hurno ng paghihirap, **Is.** 48:10 (1 Ne. 20:10). Marami ang tinawag, subalit kakaunti ang pinili, **Mat.** 22:14 (Mat. 20:16; D at T 95:5; 121:34, 40). Ako'y hindi ninyo pinili, ngunit kayo'y pinili ko, **Juan** 15:16. Pinili ng Diyos ang mga mangmang ng daigdig upang lituhin ang marurunong, **1 Cor.** 1:27. Pinili niya tayo bago pa man ang pagkakatatag ng daigdig, **Ef.** 1:4. Ang mga banal ay isang piling salinlahi, isang makaharing pagkasaserdote, **1 Ped.** 2:9. Tayo ay malayang makapipili ng kalayaan at buhay na walang hanggan o pagkabihag at kamatayan, **2 Ne.** 2:27. Ang mga maharlika at dakila ay pinili sa simula, **D at T** 138:55–56. Ang Israel ay pinili ng Diyos, **Moi.** 1:26. Si Cristo ang Minamahal ng Diyos at Pinili mula pa sa simula, **Moi.** 4:2. Si Abraham ay pinili bago pa man siya isinilang, **Abr.** 3:23.

**MAMMON.** *Tingnan din sa* Salapi

Isang salitang Aramaic na ang ibig sabihin ay "kayamanan" (Mat. 6:24).

**MAMUHI.** *Tingnan sa* Poot, Pagkapoot

**MANANAGOT, PANANAGUTAN, MAY PANANAGUTAN.** *Tingnan din sa* Kalayaang Mamili

Sinabi ng Panginoon na ang lahat ng tao ang mananagot sa sarili nilang mga hangarin, asal, naisin, at gawa.

Ang gulang ng pananagutan ang gulang kung kailan ang mga bata ay ipinalalagay na may pananagutan na sa kanilang mga gawa at may kakayahang makagawa ng kasalanan at magsisi.

Hahatulan ko ang bawat isa alinsunod sa kanyang pamumuhay, **Ez.** 18:30. Magbibigay-sulit sila sa bawat walang kabuluhang salita, **Mat.** 12:36. Magbigay-sulit ka sa pagiging katiwala, **Lu.** 16:2. Bawat isa sa atin ay magbibigay-sulit ng kanyang sarili sa Diyos, **Rom.** 14:12. Hahatulan ang mga patay alinsunod sa kanilang mga gawa, **Apoc.** 20:12. Ang ating mga salita, gawa, at pag-iisip ang hahatol sa atin, **Alma** 12:14. Tayo ang sarili nating mga hukom, kung gagawa man ng mabuti o masama, **Alma** 41:7. Kayo ay pinahihintulutang kumilos para sa inyong sarili, **Hel.** 14:29–31. Ituro mo ang bagay na ito—pagsisisi at pagbibinyag sa mga yaong may pananagutan, **Moro.** 8:10. Kailangang magsisi at magpabinyag ang lahat ng yaong sumapit na sa gulang ng pananagutan, **D at T** 18:42. Hindi magagawang matukso ni Satanas ang maliliit na bata, hanggang sa

sila ay magsimulang magkaroon ng pananagutan sa akin, **D at T** 29:46–47. Ang mga bata ay nararapat binyagan pagsapit ng walong taong gulang, **D at T** 68:27. Bawat tao ay managot sa sarili niyang mga kasalanan sa araw ng paghuhukom, **D at T** 101:78. Ibinigay sa tao na malaman ang mabuti sa masama, dahil dito sila ay malayang makapipili sa kanilang sarili, **Moi.** 6:56. Ang mga tao ay parurusahan dahil sa kanilang sariling mga kasalanan, **S ng P** 1:2.

**MANASES.** *Tingnan din sa* Ephraim; Israel; Jose, Anak ni Jacob

Sa Lumang Tipan, ang panganay na anak ni Asenath at Jose na ipinagbili sa Egipto (Gen. 41:50–51). Siya at ang kanyang kapatid na si Ephraim ay mga apo ni Jacob (Israel) ngunit inampon at pinagpala niya na parang sarili niyang mga anak (Gen. 48:1–20).

*Ang lipi ni Manases:* Ang mga inapo ni Manases ay ibinilang sa mga lipi ni Israel (Blg. 1:34–35; Jos. 13:29–31). Ang pagbabasbas ni Moises ng lipi ni Jose, na ibinigay rin kina Ephraim at Manases, ay natatala sa Deuteronomio 33:13–17. Ang kanilang minanang lupain ay nasa bahagyang kanluran ng Jordan at katabi ng kay Ephraim. Mayroon din silang mga lupang-sakop sa may silangan ng Jordan sa mayamang pastulan ng Basan at Gilead. Sa mga huling araw, ang lipi ni Manases ay tutulong sa lipi ni Ephraim sa pagtipon ng nakalat na Israel (Deut. 33:13–17). Ang propetang si Lehi sa Aklat ni Mormon ay isang inapo ni Manases (Alma 10:3).

**MANIFESTO.** *Tingnan din sa* Kasal, Pagpapakasal—Maramihang pagpapakasal; Woodruff, Wilford

Isang opisyal na pahayag ni Pangulong Wilford Woodruff noong 1890 na malinaw na naghahayag na ang Simbahan at ang mga kasapi nito ay nagpasakop sa batas ng lupain at hindi na magsasagawa ng maramihang pagpapakasal (D at T OP—1). Ipinalathala ni Pangulong Woodruff ang Manifesto (Pahayag) matapos ang isang pangitain at paghahayag mula sa Diyos.

**MANININGIL NG BUWIS.** *Tingnan din sa* Imperyo ng Roma

Noong unang panahon sa Roma, isang maniningil ng mga buwis para sa pamahalaan. Kadalasang kinapopootan ng mga Judio ang mga maniningil ng buwis. Maluwag sa loob na tinanggap ng ilang maniningil ng buwis ang ebanghelyo (Mat. 9:9–10; Lu. 19:2–8).

**MANIRA SA TALIKURAN.** *Tingnan sa* Pagsasalita nang Masama

**MANLILIKHA.** *Tingnan sa* Jesucristo; Likha, Paglikha

**MANNA.** *Tingnan din sa* Exodo; Tinapay ng Buhay

Isang pino, manipis na pirasong pagkain na may lasa ng pulot-pukyutang biskuwit (Ex. 16:14–31) o ng sariwang langis (Blg. 11:8). Ang Panginoon ang nagkaloob nito upang pakainin ang mga anak ni Israel sa panahon ng kanilang apatnapung taon sa ilang (Ex. 16:4–5, 14–30, 35; Jos. 5:12; 1 Ne. 17:28).

Ang mga anak ni Israel ay tinawag itong manna (o man-hu sa Hebreo)—na ang ibig sabihin ay "Ano ito?"—dahil sa hindi nila alam kung ano iyon (Ex. 16:15). Tinawag din itong "pagkain ng mga angel" at "tinapay mula sa langit" (Awit 78:24–25; Juan 6:31). Ito ay sagisag para kay Cristo, na siyang magiging Tinapay ng Buhay (Juan 6:31–35).

**MANG-AALIW.** *Tingnan din sa* Espiritu Santo; Jesucristo

Dalawang Mang-aaliw ang binabanggit sa mga banal na kasulatan. Ang una ay Espiritu Santo (Juan 14:26–27; Moro. 8:26; D at T 21:9; 42:17; 90:11). Ang Pangalawang Mang-aaliw ay si Panginoong Jesucristo (Juan 14:18, 21, 23). Kapag natanggap ng sinuman ang Pangalawang Mang-aaliw, magpapakita si Jesucristo sa kanya sa pana-panahon, ipakikilala ang ama, at tuturuan siya nang harap-harapan (D at T 130:3).

**MANGARAL.** *Tingnan din sa* Ebanghelyo; Gawaing Pangmisyonero

Ang magbigay ng isang mensahe na maglalaan ng mas mabuting pang-unawa tungkol sa isang alituntunin ng ebanghelyo o doktrina.

Pinahiran ako ng Panginoon upang ipangaral ang mabubuting balita sa maaamo, **Is.** 61:1 (Lu. 4:16–21). Bumangon ka, pumaroon ka sa Ninive, at mangaral dito, **Jon.** 3:2–10. Mula noon ay nagsimulang mangaral si Jesus, **Mat.** 4:17. Magsiyaon kayo sa buong sanlibutan, at inyong ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng kinapal, **Mar.** 16:15. Aming ipinangangaral ang Cristo na ipinako sa krus, **1 Cor.** 1:22–24. Yumaon siya at nangaral sa mga espiritung nasa bilangguan, **1 Ped.** 3:19. Wala nang ibang bagay maliban sa pangangaral at patuloy na pinupukaw sila upang manatili sila sa pagkatakot sa Panginoon, **Enos** 1:23. Siya ay nag-utos sa kanila na wala silang dapat ipangaral maliban sa pagsisisi at pananampalataya sa Panginoon, **Mos.** 18:20. Ang pangangaral ng salita ay may lakas na umakay sa mga tao na gawin ang matwid, **Alma** 31:5. Hindi mo dapat akalain na ikaw ay tinawag na mangaral hanggang sa ikaw ay tawagin, **D at T** 11:15. Hindi ibibigay sa sinuman na humayo at mangaral maliban na siya ay inordenan, **D at T** 42:11. Ang ebanghelyong ito ay ipangangaral sa lahat ng bansa, **D at T** 133:37. Sinimulang ipangaral ang ebanghelyo mula sa simula, **Moi.** 5:58.

**MANGASIWA.** *Tingnan din sa* Pagkasaserdote; Paglilingkod

Ang isagawa ang gawain ng Panginoon sa mundo. Ang mga napiling tagapaglingkod ng Panginoon ay nararapat na matawag ng Diyos upang makapangasiwa sa kanyang gawain. Kapag ang mga tunay na tagapangasiwa ng Panginoon ay ginawa ang kanyang kalooban, sila'y kumakatawan sa Panginoon sa kanilang mga opisyal na tungkulin at kumikilos bilang kanyang mga kinatawan (D at T 64:29), sa gayon pinamumunuan nila ang kinakailangang gawain para sa kaligtasan ng sangkatauhan. Ang Panginoon ay nagbigay ng mga Apostol, propeta, mangangaral, mataas na saserdote, pitumpu, elder, obispo, saserdote, guro, diyakono, tulong, at pamahalaan para sa ikagaganap ng mga Banal, para sa gawain ng ministeryo (Ef. 4:11–16; 1 Cor. 12:12–28; D at T 20; 107).

Pinili siya ng Panginoon upang mangasiwa sa pangalan ng Panginoon, **Deut.** 18:5. Tatawagin kayo ng mga tao na mga Tagapangasiwa ng ating Diyos, **Is.** 61:6. Ang Anak ng tao ay hindi naparito upang paglingkuran, kundi ang maglingkod, **Mat.** 20:26–28. Nagpakita ako upang ihalal kitang mangangaral at saksi, **Gawa** 26:16–18. Ang Diyos ay hindi liko upang limutin ang inyong gawa ng pag-ibig na inyong isinagawa para sa mga Banal, **Heb.** 6:10. Kung ang sinuman ay nangangasiwa hayaang gawin niya ito na gaya sa kalakasang ibinibigay ng Diyos, **1 Ped.** 4:10–11. Sila ay nagturo, at naglingkod sa isa't isa, **3 Ne.** 26:19. Tungkulin ng Labindalawa na mag-orden ng mga mangangaral ng ebanghelyo, **D at T** 107:39–40. Ang isang mataas na saserdote ay maaaring mailaan para sa pangangasiwa sa mga temporal na bagay, **D at T** 107:71–72. Ang pitumpung ito ay magiging naglalakbay na mangangaral, **D at T** 107:93–97. Ang mga elder ay inordeng maging tagapangasiwa ng aking simbahan, **D at T** 124:137.

**MANGWAWASAK.** *Tingnan din sa* Diyablo

Si Satanas ang mangwawasak.

Hindi pahihintulutan ng Panginoon na ang mangwawasak ay pumasok sa inyong mga bahay, **Ex.** 12:23. Ang mangwawasak ay nakasakay sa ibabaw ng mga tubig, **D at T** 61:19. Nailigtas sana ng bantay ang aking ubasan mula sa mangwawasak, **D at T** 101:51–54.

**MANUNUBOS.** *Tingnan din sa* Jesucristo; Tagapagligtas

Si Jesucristo ang dakilang Manunubos

ng sangkatauhan sapagkat siya, sa pamamagitan ng kanyang pagbabayad-sala, ay binayaran ang halaga ng mga kasalanan ng sangkatauhan at ginawang mangyari ang pagkabuhay na mag-uli ng lahat ng tao.

Talastas ko na ang aking Manunubos ay buhay, **Job** 19:25. Aking tutulungan ka, wika ng iyong Manunubos, ang Banal ng Israel, **Is.** 41:14 (Is. 43:14; 48:17; 54:5; 59:20). Akong Panginoon ay iyong Tagapagligtas at iyong Manunubos, **Is.** 49:26 (Is. 60:16). Ang pangalang itatawag sa kanya'y Jesus: sapagkat ililigtas niya ang kanyang bayan sa kanilang mga kasalanan, **Mat.** 1:21. Ang Anak ng tao ay pumarito upang ibigay ang kanyang buhay bilang pantubos sa marami, **Mat.** 20:28 (1 Tim. 2:5–6). Ang Panginoon, ang Diyos ng Israel ay dinalaw at tinubos ang kanyang bayan, **Lu.** 1:68. Pinakipagkasundo tayo sa Diyos sa pamamagitan ng kamatayan ng kanyang Anak, **Rom.** 5:10. Ibinigay ni Jesucristo ang kanyang sarili dahil sa atin, upang tubusin niya tayo sa lahat ng kasamaan, **Tit.** 2:13–14. Si Jesucristo ang naghugas sa atin sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng kanyang dugo, **Apoc.** 1:5. Ang katubusan ay darating sa at sa pamamagitan ng Banal na Mesiyas, **2 Ne.** 2:6–7, 26. Ang Anak ang nagdala sa kanyang sarili ng kasamaan at mga pagkakasala ng mga tao, tinubos sila, at binigyang-kasiyahan ang hinihingi ng katarungan, **Mos.** 15:6–9, 18–27. Pumarito si Cristo upang tubusin yaong lahat na magpapabinyag tungo sa pagsisisi, **Alma** 9:26–27. Paparito siya sa daigdig upang tubusin ang kanyang mga tao, **Alma** 11:40–41. Ang katubusan ay dumarating sa pamamagitan ng pagsisisi, **Alma** 42:13–26. Pumarito si Jesucristo upang tubusin ang sanlibutan, **Hel.** 5:9–12. Tinubos ni Cristo ang sangkatauhan mula sa kamatayang pisikal at espirituwal, **Hel.** 14:12–17. Ang katubusan ay dumarating sa pamamagitan ni Cristo, **3 Ne.** 9:17. Ako ang siyang inihanda mula pa sa pagkakatatag ng daigdig upang tubusin ang aking mga tao, **Eter** 3:14. Ang Panginoon na inyong Manunubos ay nakaranas ng kamatayan sa laman, **D at T** 18:11. Nagdusa si Cristo para sa lahat kung sila ay magsisisi, **D at T** 19:1, 16–20. Tinubos ang mga bata sa pamamagitan ng Bugtong na Anak, **D at T** 29:46. Isinugo ko ang aking Bugtong na Anak sa daigdig para sa pagtubos ng sanlibutan, **D at T** 49:5. Si Cristo ang ilaw at ang Manunubos ng sanlibutan, **D at T** 93:8–9. Nakatanggap si Joseph F. Smith ng isang pangitain ng pagkatubos sa mga patay, **D at T** 138. Naniniwala kami na sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo, ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas, **S ng P** 1:3.

**MANUNGAYAW.** *Tingnan sa* Lapastangan, Kalapastanganan; Pagkawalang-galang; Sumpa, Mga Sumpa

**MAPAGPAKUMBABA, PAGPAPAKUMBABA.** *Tingnan din sa* Bagbag na Puso; Kahinaan; Kapalaluan; Maamo, Kaamuan; Maralita

Ang maging maamo at madaling turuan, o ang kalagayan ng pagiging maamo at madaling turuan. Sinasaklaw ng pagpapakumbaba ang pagkilala ng ating pag-asa sa Diyos at paghahangad na mapasailalim sa kanyang kalooban.

Inakay kayo ng Diyos ng apatnapung taon sa ilang upang magpakumbaba kayo, **Deut.** 8:2. Ipinakumbaba ko ang aking kaluluwa nang may pag-aayuno, **Awit** 35:13. Higit na mabuti ang isang maralita at marunong na bata kaysa matanda at hangal na hari, **Ec.** 4:13. Nananahan ang Panginoon sa kanya na mapagpakumbaba, **Is.** 57:15. Sinuman ang magpapakumbaba ng kanyang sarili katulad ng batang ito, ay pinakadakila rin sa kaharian ng langit, **Mat.** 18:4. Siya na nagpapakumbaba ng kanyang sarili ay itataas, **Mat.** 23:12 (Lu. 14:11; 18:14). Ibinaba ni Jesus ang kanyang sarili at naging masunurin hanggang kamatayan, **Fil.** 2:8

(Lu. 22:42; 23:46). Ang Diyos ay sumasalangsang sa mga palalo, at nagbibigay ng biyaya sa mga mapagpakumbaba, **1 Ped.** 5:5–6 (2 Ne. 9:42). Magpakumbaba kayo hanggang sa kailaliman ng pagpapakumbaba, **Mos.** 4:11 (2 Ne. 9:42; 3 Ne. 12:2). Kayo ba ay naging sapat na mapagpakumbaba? **Alma** 5:27–28. Tumibay nang tumibay sa kanilang pagpapakumbaba ang higit na mapagpakumbabang bahagi ng mga tao, **Hel.** 3:33–35. Ako ay nagbibigay ng kahinaan sa mga tao upang sila ay magpakumbaba, **Eter** 12:27. Ang pagpapakumbaba ay kinakailangan sa pagbibinyag, **D at T** 20:37. Magpakumbaba kayo sa harapan ko at inyo akong makikita at makilala na ako nga, **D at T** 67:10. Maging mapagpakumbaba ka at bibigyan ka ng Panginoon ng kasagutan sa iyong mga panalangin, **D at T** 112:10. Siya na walang alam ay matuto ng karunungan sa pamamagitan ng pagpapakumbaba ng kanyang sarili, **D at T** 136:32. Isinusugo ang Espiritu upang bigyang-liwanag ang mapagpakumbaba, **D at T** 136:33.

**MAPANLINLANG, MANLINLANG, PANLILINLANG.** *Tingnan din sa* Pagsisinungaling; Pandaraya

Sa mga banal na kasulatan, ang manlinlang ay papaniwalain ang isang tao sa isang bagay na hindi naman totoo.

Siya na hindi sumumpa nang may panlilinlang ay makaaakyat sa burol ng Panginoon, **Awit** 24:4. Iligtas mo ako mula sa manlilinlang, **Awit** 43:1. Sa aba nila na tinatawag na masama ang mabuti, at mabuti ang masama, **Is.** 5:20 (2 Ne. 15:20). Sino ma'y huwag linlangin ang kanyang sarili, **1 Cor.** 3:18. Huwag kayong palilinlang sa sinuman sa mga salitang walang kabuluhan, **Ef.** 5:6. Ang masasamang tao ay manlilinlang, at malilinlang, **2 Tim.** 3:13. Si Satanas, na siyang nanlilinlang sa buong sanlibutan, ay iwinaksi, **Apoc.** 12:9. Iginapos si Satanas upang hindi na niya malinlang pa ang mga bansa, **Apoc.** 20:1–3. Ang Panginoon ay hindi malilinlang, **2 Ne.** 9:41. Kung inyong susundin ang Anak, nang walang panlilinlang sa harapan ng Diyos, inyong tatanggapin ang Espiritu Santo, **2 Ne.** 31:13. Nagtapat si Serem na nalinlang siya ng kapangyarihan ng diyablo, **Jac.** 7:18. Ang mga tao ni Haring Noe ay nalinlang ng mahihibok na salita, **Mos.** 11:7. Tinanggap ng matatalino ang Espiritu Santo bilang kanilang patnubay, at hindi nalinlang, **D at T** 45:57. Sa aba nila na mga mapanlinlang, **D at T** 50:6. Siya ay naging si Satanas, ang ama ng lahat ng kasinungalingan, upang linlangin at bulagin ang mga tao, **Moi.** 4:4.

**MARALITA.** *Tingnan din sa* Ayuno, Pag-aayuno; Kapakanan; Limos, Paglilimos; Mapagpakumbaba, Pagpapakumbaba; Pag-aalay

Sa mga banal na kasulatan, maaaring tumutukoy ang maralita sa (1) mga taong wala ng mga kinakailangang materyal na bagay, tulad ng pagkain, damit, at tirahan, o (2) mga taong mapagpakumbaba at walang kapalaluan.

*Maralita sa mga materyal na bagay:* Huwag mong itikom ang iyong kamay sa maralita mong kapatid, **Deut.** 15:7. Sa kapalaluan ng masama, ang dukha ay pinag-uusig, **Awit** 10:2. Siya na nagbibigay sa dukha ay hindi masasalat, **Kaw.** 28:27. Dalhin ang maralita sa inyong tahanan, **Is.** 58:6–7. Kung ibig mong maging sakdal, magbigay sa dukha, **Mat.** 19:21 (Mar. 10:21; Lu. 18:22). Hindi ba pinili ng Diyos ang dukha ng daigdig na ito? **Sant.** 2:5. Sapagkat sila ay mayayaman kanilang hinahamak ang mga maralita, **2 Ne.** 9:30. Alang-alang sa pananatili ng kapatawaran ng inyong mga kasalanan, magbahagi ng inyong kabuhayan sa mga maralita, **Mos.** 4:26. Ibinahagi nila ang kanilang kabuhayan sa mga maralita, **Alma** 1:27. Kung inyong tatalikuran ang mga nangangailangan, ang inyong panalangin ay walang kabuluhan, **Alma** 34:28. Ang mga Nephita ay may pagkakapantay-pantay sa lahat ng bagay; sa kanila ay walang mayaman at maralita, **4 Ne.** 1:3. Inyong alalahanin ang mga maralita, **D at T** 42:30 (D at T

52:40). Sa aba sa mga maralita na ang mga puso ay hindi bagbag, **D at T** 56:17–18. Ang maralita ay dadalo sa kasal ng Kordero, **D at T** 58:6–11. Kinakailangang hanapin ng Obispo ang mga maralita, **D at T** 84:112. Pinamamahalaan ng batas ng ebanghelyo ang pangangalaga sa mga maralita, **D at T** 104:17–18. Walang maralita sa kanila, **Moi.** 7:18.

*Maralita sa espiritu:* Higit na pinagpala ang mga yaong nagpakumbaba sa kanilang sarili nang hindi pinipilit dahil sa kanilang kahirapan, **Alma** 32:4–6, 12–16. Mapapalad ang mga aba sa espiritu na lumalapit sa akin, **3 Ne.** 12:3 (Mat. 5:3). Sa mga maralita at maaamo ang ebanghelyo ay ipangangaral, **D at T** 35:15.

**MARAMIHANG PAGPAPAKASAL.** *Tingnan sa* Kasal, Pagpapakasal—Maramihang pagpapakasal

**MARCOS.** *Tingnan din sa* Ebanghelyo, Mga

Sa Bagong Tipan, si Juan Marcos ay anak ni Maria, na naninirahan sa Jerusalem (Gawa 12:12); siya rin marahil ang pinsan (o pamangkin) ni Barnabas (Col. 4:10). Siya ay sumama kina Pablo at Barnabas mula sa Jerusalem sa kanilang unang pangmisyonerong paglalakbay, at iniwan sila sa Perga (Gawa 12:25; 13:5, 13). Nang lumaon, kanyang sinamahan si Barnabas sa Chipre (Gawa 15:37–39). Kasama siya ni Pablo sa Roma (Col. 4:10; Flm. 1:27); at kasama siya ni Pedro sa Babilonia (maaaring sa Roma) (1 Ped. 5:13). Sa huli, kasama siya ni Timoteo sa Efeso (2 Tim. 4:11).

*Ang Ebanghelyo ni Marcos:* Ang ikalawang aklat sa Bagong Tipan. Ang ebanghelyo ni Marcos ay maaaring isinulat sa ilalim ng tagubilin ni Pedro. Ang kanyang pakay ay ilarawan ang Panginoon bilang Anak ng Diyos na buhay at kumikilos sa kalipunan ng tao. Inilalarawan ni Marcos, nang may sigla at kababaang-loob, ang impresyong nilikha ni Jesus sa mga manonood. Isinasaad ng tradisyon na pagkamatay ni Pedro, dumalaw si Marcos sa Egipto, itinayo ang Simbahan sa Alexandria, at namatay na martir.

Para sa buod ng kabanata, tingnan sa Ebanghelyo, Mga.

**MARIA, INA NI JESUS.** *Tingnan din sa* Jesucristo; Jose, Asawa ni Maria

Sa Bagong Tipan, isang birhen na pinili ng Diyos Ama para maging ina ng Kanyang Anak sa laman. Matapos ang pagsilang ni Jesus, si Maria ay nagkaroon ng iba pang mga anak (Mar. 6:3).

Siya ay ipinagkasundong ikasal kay Jose, **Mat.** 1:18 (Lu. 1:27). Si Jose ay sinabihang huwag hiwalayan si Maria o pakawalan siya sa kasunduang kasal, **Mat.** 1:18–25. Ang mga pantas na lalaki ay dumalaw kay Maria, **Mat.** 2:11. Sina Maria at Jose ay tumakas kasama ang batang si Jesus patungong Egipto, **Mat.** 2:13–14. Pagkamatay ni Herodes, ang mag-anak ay bumalik sa Nazaret, **Mat.** 2:19–23. Ang angel na si Gabriel ay dumalaw sa kanya, **Lu.** 1:26–38. Dinalaw niya si Elisabet, na kanyang pinsan, **Lu.** 1:36, 40–45. Si Maria ay nagbigay ng awit ng papuri sa Panginoon, **Lu.** 1:46–55. Si Maria ay nagtungo sa Betlehem kasama si Jose, **Lu.** 2:4–5. Si Maria ay nagsilang kay Jesus at inihiga siya sa isang sabsaban, **Lu.** 2:7. Ang mga pastol ay nagtungo sa Betlehem upang dalawin ang sanggol na si Cristo, **Lu.** 2:16–20. Isinama nina Maria at Jose si Jesus sa templo sa Jerusalem, **Lu.** 2:21–38. Isinama nina Maria at Jose si Jesus sa Paskua, **Lu.** 2:41–52. Si Maria ay nasa kasalan sa Cana, **Juan** 2:2–5. Ang Tagapagligtas, habang nasa krus, ay hiniling kay Juan na alagaan ang kanyang ina, **Juan** 19:25–27. Kasama si Maria ng mga Apostol matapos umakyat si Jesus sa langit, **Gawa** 1:14. Si Maria ay isang birhen, pinakamaganda at kaaya-aya sa lahat ng iba pang birhen, **1 Ne.** 11:13–20. Ang ina ni Cristo ay tatawaging Maria, **Mos.** 3:8. Si Maria ay isang birhen, isang natatangi at piling tagapaglingkod, **Alma** 7:10.

**MARIA, INA NI MARCOS.** *Tingnan din sa* Marcos

Sa Bagong Tipan, ang ina ni Juan Marcos, na siyang sumulat ng Ebanghelyo ni Marcos (Gawa 12:12).

**MARIA MAGDALENA**

Isang babae sa Bagong Tipan na naging isang matapat na disipulo ni Jesucristo. Ang Magdalena ay tumutukoy sa Magdala, ang lugar kung saan nagmula ang Maria na ito. Ito ay matatagpuan sa kanlurang pampang ng Dagat ng Galilea.

Malapit siya sa krus, **Mat.** 27:56 (Mar. 15:40; Juan 19:25). Naroon siya sa paglilibing kay Cristo, **Mat.** 27:61 (Mar. 15:47). Siya ay nasa libingan sa umaga ng pagkabuhay na mag-uli, **Mat.** 28:1 (Mar. 16:1; Lu. 24:10; Juan 20:1, 11). Si Jesus ay unang nagpakita sa kanya matapos ang kanyang pagkabuhay na mag-uli, **Mar.** 16:9 (Juan 20:14–18). Pitong demonyo ang lumabas sa kanya, **Lu.** 8:2.

**MARIA NG BETANIA.** *Tingnan din sa* Lazaro; Marta

Sa Bagong Tipan, ang kapatid nina Lazaro at Marta.

Si Maria ay naupo at nakinig sa paanan ni Jesus, **Lu.** 10:39, 42. Si Maria at ang kanyang kapatid na si Marta ay nagpasugo kay Jesus, **Juan** 11:1–45. Pinahiran niya ang mga paa ni Jesus ng langis, **Juan** 12:3–8.

**MARSH, THOMAS B.**

Ang unang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol matapos ang panunumbalik ng Simbahan noong 1830. Kanyang hinawakan ang mga susi ng kaharian na nauukol sa Labindalawa (D at T 112:16) at, noong 1838, ay inutusan sa pamamagitan ng paghahayag na ilathala ang salita ng Panginoon (D at T 118:2). Ang bahagi 31 ng Doktrina at mga Tipan ay para sa kanya. Si Marsh ay itiniwalag sa Simbahan noong 1839 ngunit muling bininyagan noong Hulyo 1857.

**MARTA.** *Tingnan din sa* Lazaro; Maria ng Betania

Ang kapatid nina Lazaro at Maria sa Bagong Tipan (Lu. 10:38–42; Juan 11:1–46; 12:2).

**MARTIR, PAGKAMARTIR**

Isang tao na nag-aalay ng kanyang buhay sa halip na itakwil si Cristo, ang ebanghelyo, o ang kanyang mabubuting paniniwala o mga alituntunin.

Ang lahat ng mabuting dugo mula kay Abel hanggang kay Zacarias ay magpapatotoo laban sa masasama, **Mat.** 23:35 (Lu. 11:50). Sino man ang mawawalan ng kanyang buhay dahil kay Cristo at sa ebanghelyo ay maliligtas ito, **Mar.** 8:35 (D at T 98:13). At kanilang binato si Esteban, **Gawa** 7:59 (Gawa 22:20). Kung saan may tipan doon ay kinakailangan ang kamatayan ng gumawa niyon, **Heb.** 9:16–17. Bumagsak si Abinadi, na nagdanas ng kamatayan sa pamamagitan ng apoy, **Mos.** 17:20. Ang mga nagbalik-loob na mga Ammonihahita ay itinapon sa apoy, **Alma** 14:8–11. Marami ang pinatay dahil sa sila ay nagpatotoo sa mga bagay na ito, **3 Ne.** 10:15. Sino man ang maghahain ng kanyang buhay para sa aking layunin ay makatatagpo ng buhay na walang hanggan, **D at T** 98:13–14. Sina Joseph Smith at Hyrum Smith ay mga martir sa panunumbalik ng ebanghelyo, **D at T** 135. Pinagtibay ni Joseph Smith sa pamamagitan ng kanyang dugo ang kanyang patotoo, **D at T** 136:39.

**MARUMI, KARUMIHAN.** *Tingnan din sa* Kasalanan; Kawalang-katwiran, Hindi Matwid; Makasalanan; Malinis at Hindi Malinis; Masama, Kasamaan

Espirituwal na karumihan dahil sa sadyang di pagsunod sa Diyos.

Huhugasan ng Panginoon ang karumihan ng mga anak na babae ng Sion, **Is.** 4:4 (2 Ne. 14:4). Hindi marumi ang kaharian ng Diyos, **1 Ne.** 15:34 (Alma 7:21). Sila na marurumi ay mananatili pa ring marumi, **2 Ne.** 9:16 (Morm.

9:14). Ano ang inyong madarama kung tatayo kayo sa harapan ng hukuman ng Diyos, na ang inyong mga kasuotan ay nabahiran ng karumihan? **Alma** 5:22. Sila ay mananatiling marumi pa rin, **D at T** 88:35. Kailan ako mapapahinga, at malilinis mula sa karumihan? **Moi.** 7:48.

**MASAMA, KASAMAAN.** *Tingnan din sa* Kadiliman, Espirituwal na; Kasalanan; Makasalanan; Kawalang-katwiran, Hindi Matwid; Marumi, Karumihan

Hindi mabuti, kasamaan; pagiging suwail sa mga kautusan ng Diyos.

Paano ngang aking magagawa itong malaking kasamaan at kasalanan laban sa Diyos? **Gen.** 39:7–9. Ang Panginoon ay malayo sa masasama: ngunit kanyang dinidinig ang dalangin ng mga matwid, **Kaw.** 15:29. Kapag ang masama ang namumuno, ang bayan ay nagdadalamhati, **Kaw.** 29:2 (D at T 98:9). Alisin na ninyo sa inyo ang masasamang tao, **1 Cor.** 5:13. Nakikibaka tayo laban sa espirituwal na kasamaan sa mga dakong mataas, **Ef.** 6:12. Humiwalay kayo sa masasama, at huwag hipuin ang kanilang maruruming bagay, **Alma** 5:56–57 (D at T 38:42). Ito ang pangwakas na kalagayan ng masasama, **Alma** 34:35 (Alma 40:13–14). Ang kasamaan ay hindi kailanman kaligayahan, **Alma** 41:10. Sa pamamagitan ng masasama na ang masasama ay pinarurusahan, **Morm.** 4:5 (D at T 63:33). Sa oras na yaon darating ang lubusang paghihiwalay ng mabubuti at ng masasama, **D at T** 63:54. Sa gayon darating ang katapusan ng masasama, **JS—M** 1:55.

**MASASAMANG ESPIRITU.** *Tingnan sa* Espiritu—Masasamang espiritu

**MATA, MGA MATA**

Sa mga banal na kasulatan, ang mata ay kalimitang ginagamit bilang isang tanda ng kakayahan ng isang taong tanggapin ang liwanag ng Diyos. Bilang pagsasagisag, nagpapakita rin ang mata ng isang tao ng kalagayang espirituwal at isang pang-unawa sa mga bagay ng Diyos.

Ang kautusan ng Panginoon ay dalisay, nagpapaliwanag sa mga mata, **Awit** 19:8. Ang mga hangal ay may mga mata at hindi nakakikita, **Jer.** 5:21 (Mar. 8:18). Ang mata ang ilaw ng katawan, **Mat.** 6:22 (Lu. 11:34; 3 Ne. 13:22; D at T 88:67). Pinagpala ang iyong mga mata sapagkat ito'y nakakikita, **Mat.** 13:16. Liliwanagin ang mga mata ng inyong pang-unawa, **Ef.** 1:17–18. Sa aba sa yaong nag-aakalang sila ay marurunong sa kanilang sariling pananaw, **2 Ne.** 15:21 (Is. 5:21). Sila ay nagsimulang mag-ayuno at manalangin upang mabuksan ang mga mata ng mga tao, **Mos.** 27:22. Binulag ni Satanas ang kanilang mga mata, **3 Ne.** 2:2. Walang sinuman ang magkakaroon ng kapangyarihang mailabas ang Aklat ni Mormon maliban sa isang matang nakatuon lamang sa kaluwalhatian ng Diyos, **Morm.** 8:15. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu ang aming mga mata ay nabuksan at naliwanagan ang aming mga pang-unawa, **D at T** 76:12. Ang liwanag ay galing sa kanya na nagbibigay-liwanag sa inyong mga mata, **D at T** 88:11. Ang inyong buong katawan ay mapupuno ng liwanag kung ang inyong mata ay nakatuon sa aking kaluwalhatian, **D at T** 88:67.

**MATAAS NA KAPULUNGAN**

Isang kapulungan ng labindalawang mataas na saserdote.

Sa mga unang taon ng pinanumbalik na Simbahan, ang katagang *mataas na kapulungan* ay tumutukoy sa dalawang magkaibang namamahalang pangkat: (1) ang Korum ng Labindalawang Apostol ng Simbahan (D at T 107:33, 38); at (2) ang mataas na kapulungang naglilingkod sa bawat istaka (D at T 102; 107:36).

**MATAAS NA PAGKASASERDOTE.** *Tingnan sa* Pagkasaserdoteng Melquisedec

**MATAAS NA SASERDOTE.** *Tingnan din sa* Pagkasaserdoteng Aaron; Pagkasaserdoteng Melquisedec

Isang tungkulin sa pagkasaserdote. Binabanggit ng mga banal na kasulatan ang tungkol sa "mataas na saserdote" sa dalawang kahulugan: (1) ang tungkulin sa Pagkasaserdoteng Melquisedec; at (2) sa ilalim ng mga batas ni Moises, ang namumunong pamunuan ng Pagkasaserdoteng Aaron.

Ipinatutungkol ang unang kahulugan kay Jesucristo bilang ang dakilang Mataas na Saserdote. Si Adan at ang lahat ng patriyarka ay mataas na saserdote rin. Ngayon, binubuo ng tatlong namumunong mataas na saserdote ang Panguluhan ng Simbahan at namumuno sa lahat ng iba pang may mga hawak ng pagkasaserdote at sa mga kasapi ng Simbahan. Karagdagang mga karapat-dapat na lalaki ay inordenang mataas na saserdote na akma sa buong Simbahan ngayon. Maaaring tawagin, italaga at iordenan ang matataas na saserdote bilang mga obispo (D at T 68:19; 107:69–71).

Sa pangalawang kahulugan, sa ilalim ng mga batas ni Moises, tinawag na mataas na saserdote ang namumunong pamunuan ng Pagkasaserdoteng Aaron. Minamana ang tungkulin at nanggagaling sa panganay sa mag-anak ni Aaron, si Aaron din ang unang mataas na saserdote ng orden ng Aaron (Ex. 28; 29; Lev. 8; D at T 84:18).

Si Melquisedec ay isang saserdote ng pinakadakilang Diyos, **Gen.** 14:18 (Alma 13:14). Tinawag ang matataas na saserdote at inihanda mula pa sa pagkakatatag ng daigdig, **Alma** 13:1–10. Pinangangasiwaan ng matataas na saserdote ang mga bagay na espirituwal, **D at T** 107:10, 12, 17.

**MATANDA SA MGA ARAW.** *Tingnan sa* Adan

**MATAPAT, KATAPATAN.** *Tingnan din sa* Matwid, Katwiran

Ang maging tapat, totoo, at walang panlilinlang.

Hanggang mamatay ako hindi ko aalisin ang aking katapatan sa akin, **Job** 27:5. Sila na nakikitungo nang tapat ay mga kaibig-ibig ng Panginoon, **Kaw.** 12:22. Lumalakad ang matwid na tao sa kanyang pagkamatapat, **Kaw.** 20:7. Bayaran ang yaong inyong ipinangako, **Ec.** 5:4–5. Iwinaksi namin ang mga itinatagong bagay ng kasinungalingan, **2 Cor.** 4:1–2. Maging matapat sa inyong pakikipag-usap, **1 Ped.** 2:12. Sa aba sa mga sinungaling, sapagkat siya ay itatapon sa impiyerno, **2 Ne.** 9:34. Ang Espiritu ay nagsasabi ng katotohanan at hindi nagsisinungaling, **Jac.** 4:13. Sinuman ang manghiram sa kanyang kapitbahay ay nararapat na isauli ang bagay na kanyang hiniram, **Mos.** 4:28 (D at T 136:25). Tiyakin na kayo ay nakikitungo nang makatarungan, humahatol nang makatwiran at gumagawa ng mabuti, **Alma** 41:14. Sila ay mga lalaking matatapat sa lahat ng panahon sa anumang bagay na ipinagkatiwala sa kanila, **Alma** 53:20. Makitungo nang tapat ang bawat tao, **D at T** 51:9. Lahat ng yaong nakababatid na ang kanilang mga puso ay tapat ay tinatanggap ko, **D at T** 97:8. Dapat hanapin ang matatapat, matatalino at mabubuting tao para sa mga tungkuling pulitikal, **D at T** 98:4–10. Minamahal ng Panginoon si Hyrum Smith dahil sa katapatan ng kanyang puso, **D at T** 124:15. Masigasig na hanapin upang matagpuan ang yaong nawala sa iyong kapwa, **D at T** 136:26. Naniniwala kami sa pagiging matapat, **S ng P** 1:13.

**MATEO.** *Tingnan din sa* Ebanghelyo, Mga

Isang Apostol ni Jesucristo at may-akda ng unang aklat sa Bagong Tipan. Si Mateo, isang Judio na tagasingil ng buwis para sa mga Romano sa Capernaum, marahil ay naglilingkod kay Herodes Antipas. Siya ay kilala bilang isang Levi bago siya nagbalik-loob, na anak ni Alfeo (Mar. 2:14). Matapos siyang tawagin bilang isang disipulo ni Jesus, nagbigay siya ng piging kung saan ay dumalo ang Panginoon (Mat. 9:9–13; Mar. 2:14–17; Lu. 5:27–32). Si Mateo marahil

ay may malawak na kaalaman sa mga banal na kasulatan ng Lumang Tipan at nakitang natupad ang propesiya ukol sa buhay ng Panginoon. Kaunti lamang ang mababatid sa kanyang huling buhay. Isang tradisyon ang nagsasabing siya ay namatay na martir.

*Ang Ebanghelyo ni Mateo:* Ang unang aklat sa Bagong Tipan. Marahil ang Ebanghelyo ni Mateo sa simula ay isinulat para sa mga Judio sa Palestina. Ito ay gumagamit ng maraming sipi mula sa Lumang Tipan. Ang pangunahing layunin ni Mateo ay ipakita na si Jesus ang Mesiyas na siyang tinutukoy ng mga propeta sa Lumang Tipan. Kanyang binigyang-diin din na si Jesus ang Hari at Hukom ng mga tao.

Para sa buod ng kabanata, tingnan sa Ebanghelyo, Mga.

**MATIAS.** *Tingnan din sa* Apostol—Pagpili ng mga Apostol

Ang taong napili upang palitan si Judas Iscariote bilang kasapi ng Korum ng Labindalawang Apostol (Gawa 1:15–26). Siya ay isang disipulo sa buong ministeryo ni Jesus sa buhay na ito (Gawa 1:21–22).

**MATUSALEM.** *Tingnan din sa* Enoc

Ang anak ni Enoc sa Lumang Tipan. Si Matusalem ay nabuhay ng 969 na taon (Gen. 5:21–27; Lu. 3:37; Moi. 8:7). Siya ay matwid na propeta na naiwan sa mundo nang ang lunsod ng Enoc ay dinala sa langit. Siya ay naiwan sa mundo upang magbigay ng lahi kung saan si Noe ay manggagaling (Moi. 8:3–4).

**MATWID, KATWIRAN.** *Tingnan din sa* Karapat-dapat, Pagiging Karapat-dapat; Kautusan ng Diyos, Mga; Kawalang-katwiran, Hindi Matwid; Lumakad, Lumakad na Kasama ng Diyos

Ang pagiging makatarungan, banal, malinis, makatwiran; sumusunod sa mga utos ng Diyos; umiiwas sa kasalanan.

Pagpapalain ng Panginoon ang matwid, **Awit** 5:12. Ang mga mata ng Panginoon ay nakatitig sa mga matwid, **Awit** 34:15, 17 (1 Ped. 3:12). Pagka ang matwid ay dumarami, ang bayan ay nagagalak, **Kaw.** 29:2 (D at T 98:9–10). Pinagpala ang nagugutom at nauuhaw sa katwiran, **Mat.** 5:6 (3 Ne. 12:6). Hanapin muna ang kaharian ng Diyos at ang kanyang katwiran, **Mat.** 6:33. Ang mga matwid ay sa buhay na walang hanggan, **Mat.** 25:46. Malaki ang nagagawa ng taimtim na panalangin ng taong matwid, **Sant.** 5:16. Siya na mabuti ay pinagpapala ng Diyos, **1 Ne.** 17:35. Pangangalagaan niya ang mabubuti; hindi sila dapat matakot, **1 Ne.** 22:17, 22. Dahil sa kabutihan ng mga tao ng Panginoon ay mawawalan ng kapangyarihan si Satanas, **1 Ne.** 22:26. Kung walang katwiran ay walang kaligayahan, **2 Ne.** 2:13. Magmamana ng kaharian ng Diyos ang mabubuti, **2 Ne.** 9:18. Hindi natatakot ang mabubuti sa mga salita ng katotohanan, **2 Ne.** 9:40. Kinakailangang mabago ang lahat ng tao sa pagiging mabuti, **Mos.** 27:25–26. Ang mga pangalan ng mabubuti ay masusulat sa aklat ng buhay, **Alma** 5:58. Kayo ay naghangad ng kaligayahan sa paggawa ng kasamaan, na salungat sa kalikasan ng kabutihan, **Hel.** 13:38. Ang awit ng mabubuti ay isang panalangin sa akin, **D at T** 25:12. Tumindig, na may baluti sa dibdib ng kabutihan, **D at T** 27:16 (Ef. 6:14). Ang kamatayan ng mabubuti ay magiging matamis para sa kanila, **D at T** 42:46. Ang mabubuti ay matitipon mula sa lahat ng bansa, **D at T** 45:71. Nararapat na isakatuparan ng mga tao ang maraming kabutihan sa kanilang sariling kalooban, **D at T** 58:27. Siya na gumagawa ng mga gawa ng kabutihan ay makatatanggap ng kapayapaan sa daigdig na ito at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating, **D at T** 59:23. Sa ikalawang pagparito, ay magkakaroon ng ganap na paghihiwalay ng mabubuti at ng masasama, **D at T** 63:54. Mapamamahalaan ang kapangyarihan ng langit nang alinsunod lamang sa mga alituntunin ng kabutihan, **D at T** 121:36. May kapayapaan sa gitna ng mabubuti, **D at T** 138:22. Namuhay sa kabutihan

ang mga tao ng Sion, **Moi.** 7:18. Naging tagasunod ng kabutihan si Abraham, **Abr.** 1:2.

**MAYKAPAL.** *Tingnan sa* Diyos, Panguluhang Diyos

**MELQUISEDEC.** *Tingnan din sa* Pagkasaserdoteng Melquisedec; Salem

Isang dakilang mataas na saserdote, propeta, at pinuno sa Lumang Tipan na nabuhay matapos ang pagbaha at noong kapanahunan ni Abraham. Tinawag siyang hari ng Salem (Jerusalem), hari ng kapayapaan, hari ng katwiran (na siyang kahulugan ng Melquisedec sa salitang Hebreo), at ang saserdote ng kataas-taasang Diyos.

Si Abraham ay nagbayad ng ikapu kay Melquisedec, **Gen.** 14:18–20. Ang mga tao ni Melquisedec ay gumawa ng kabutihan at natamo ang langit, **PJS, Gen.** 14:25–40. Si Cristo ay mataas na saserdote alinsunod sa orden ni Melquisedec, **Heb.** 5:6. Si Melquisedec ay Hari ng Salem, saserdote ng kataastaasang Diyos, **Heb.** 7:1–3. Walang sinuman ang mas dadakila pa kaysa kay Melquisedec, **Alma** 13:14–19. Tinanggap ni Abraham ang pagkasaserdote mula kay Melquisedec, **D at T** 84:14. Bilang paggalang sa pangalan ng Panginoon, tinawag ng sinaunang Simbahan ang nakatataas na pagkasaserdote na Pagkasaserdoteng Melquisedec, **D at T** 107:1–4.

**MELQUISEDEC, PAGKASASERDOTE NI.** *Tingnan sa* Pagkasaserdoteng Melquisedec

**MESACH.** *Tingnan din sa* Daniel

Sa Lumang Tipan, sina Sadrach, Mesach, at Abed-nego ay tatlong kabataang Israelita na kasama ni Daniel, na dinala sa palasyo ni Nabucodonosor, hari ng Babilonia. Ang pangalan ni Mesach sa Hebreo ay Mishael. Ang apat na binata ay tumangging dumihan ang kanilang sarili sa pagkain ng karne at alak ng hari (Dan. 1). Sina Sadrach, Mesach, at Abed-nego ay itinapon sa nagniningas na hurno ng hari at iniligtas ng Anak ng Diyos (Dan. 3).

**MESIYAS.** *Tingnan din sa* Jesucristo; Pinahiran, Ang

Isang uri ng salitang Aramaic at Hebreo na nangangahulugang "ang pinahiran ng langis." Sa Bagong Tipan si Jesus ay tinatawag na Cristo, na sa wikang Griyego ay katumbas ng salitang Mesiyas. Ang ibig sabihin nito ay pinahiran ng langis na Propeta, Saserdote, Hari, at Tagapagligtas na ang pagparito ay sabik na hinihintay ng mga Judio.

Maraming Judio ang naghihintay lamang sa isang tagapagligtas mula sa kapangyarihan ng Roma at para sa mas maunlad na bayan; kaya nga, nang pumarito ang Mesiyas, itinakwil siya ng mga pinuno at marami pang iba. Ang mga mapagpakumbaba at matatapat lamang ang nakakita na si Jesus ng Nazaret ang tunay na Cristo (Is. 53; Mat. 16:16; Juan 4:25–26).

Mapapasa-Mesiyas ang Espiritu, mangangaral ng ebanghelyo, at magtatanyag ng kalayaan, **Is.** 61:1–3 (Lu. 4:18–21). Natagpuan namin ang Mesiyas, na ang ibig sabihin, ang Cristo, **Juan** 1:41 (Juan 4:25–26). Ibinangon ng Diyos sa mga Judio ang isang Mesiyas, o, sa ibang salita, isang Tagapagligtas, **1 Ne.** 10:4. Ang Anak ng Diyos ang Mesiyas na paparito, **1 Ne.** 10:17. Ang pagtubos ay darating sa at sa pamamagitan ng banal na Mesiyas, **2 Ne.** 2:6. Ang Mesiyas ay paparito sa kaganapan ng panahon, **2 Ne.** 2:26. Ang Mesiyas ay babangon mula sa patay, **2 Ne.** 25:14. Sa pangalan ng Mesiyas aking iginagawad ang Pagkasaserdoteng Aaron, **D at T** 13:1. Sinabi ng Panginoon, Ako ang Mesiyas, ang Hari ng Sion, **Moi.** 7:53.

**MGA HARI.** *Tingnan din sa* Cronolohiya

Dalawang aklat sa Lumang Tipan. Isinasalaysay ng mga ito ang kasaysayan ng Israel mula sa paghihimagsik ni Adonia, ang ikaapat na anak ni Haring David (mga 1015 B.C.) hanggang sa huling pagkabihag ng Juda (mga 586 B.C.).

Sakop ng mga ito ang buong kasaysayan ng timog kaharian (ang sampung lipi ni Israel) mula sa paghihiwalay hanggang sa dalhin silang bihag ng mga taga-Asiria sa mga bayan sa timog.

*Unang Aklat ng mga Hari.* Inilalarawan sa kabanata 1 ang mga huling araw ng buhay ni Haring David. Natatala sa mga kabanata 2–11 ang buhay ni Solomon. Nasasaad sa mga kabanata 12–16 ang tungkol sa mga humalili kay Solomon, sina Rehoboam at Jeroboam. Si Jeroboam ang naging dahilan ng paghihiwalay ng kaharian ng Israel. May iba ring binanggit na mga hari. Natatala sa mga kabanata 17–21 ang ilang bahagi ng ministeryo ni Elijah nang pagsabihan niya si Acab, hari ng Israel. Natatala sa kabanata 22 ang digmaan laban sa Asiria na kung saan sina Acab at Josaphat, hari ng Juda, ay nagsanib ng lakas. Ang propetang si Micheas ay nagpropesiya laban sa mga hari.

*Ikalawang Aklat ng mga Hari.* Ipinagpapatuloy sa kabanata 1 hanggang sa 2:11 ang buhay ni Elijah, kabilang na ang pag-akyat sa langit ni Elijah sa isang karuwaheng apoy. Isinasalaysay sa mga kabanata 2–9 ang ministeryo ni Eliseo na puno ng pananampalataya at dakilang kapangyarihan. Nasasaad sa kabanata 10 ang tungkol kay Jehu, ang hari, at kung paano niya sinira ang tahanan ni Acab at ang mga saserdote ni Baal. Natatala sa mga kabanata 11–13 ang matwid na paghahari ni Joas at ang kamatayan ni Eliseo. Nasasaad sa mga kabanata 14–17 ang tungkol sa iba't ibang hari na naghari sa Israel at Juda, kadalasan sa kasamaan. Natatala sa kabanata 15 ang pagbihag ng Asiria sa sampung lipi ni Israel. Natatala sa mga kabanata 18–20 ang matwid na buhay ni Ezechias, ang hari ng Juda, at ng propetang si Isaias. Nasasaad sa mga kabanata 21–23 ang tungkol sa mga haring sina Manases at Josias. Ayon sa kaugalian, si Manases ang may pananagutan sa pagkamatay ni Isaias. Si Josias ay isang matwid na hari na siyang nagtatag muli ng batas sa mga Judio. Natatala sa mga kabanata 24–25 ang pagbihag ng mga taga-Babilonia.

**MIGUEL.** *Tingnan din sa* Adan; Arkanghel

Ang pangalang kilala si Adan sa buhay bago ang buhay na ito. Siya ay tinawag na Arkanghel. Sa Hebreo ang pangalang ito ay nangangahulugang "Yaong tulad ng Diyos."

Si Miguel, isa sa mga pangunahing prinsipe, ang dumating upang tulungan si Daniel, **Dan.** 10:13, 21 (D at T 78:16). Sa huling araw si Miguel ay tatayo, ang dakilang prinsipe, **Dan.** 12:1. Si Miguel, ang arkanghel ay nakipaglaban sa diyablo, **Jud.** 1:9. Si Miguel at ang kanyang mga anghel ay nakibaka sa dragon, **Apoc.** 12:7 (Dan. 7). Si Miguel ay si Adan, **D at T** 27:11 (D at T 107:53–57; D at T 128:21). Si Miguel, ang arkanghel ng Panginoon, ay magpapatunog ng kanyang pakakak, **D at T** 29:26. Titipunin ni Miguel ang kanyang mga hukbo at lalabanan si Satanas, **D at T** 88:112–115. Ang tinig ni Miguel ay narinig na nakilala ang diyablo, **D at T** 128:20.

**MIKAS**

Isang propeta sa Lumang Tipan. Siya ay tubong Morastita, sa patag na bayan ng Juda, at nagpropesiya habang si Ezechias ang hari (Mi. 1:1–2).

*Ang aklat ni Mikas:* Ang Mikas lamang ang aklat sa Lumang Tipan ang nagsabing ang Betlehem ang pook kung saan isisilang ang Mesiyas (Mi. 5:2). Sa aklat, pinayuhan ng Panginoon ang kanyang mga tao at inilahad muli ang kanyang mga kabutihang ginawa para sa kanila; humihingi siya sa kanila ng katarungan, awa, at kababaang-loob (Mi. 6:8).

**MILENYO.** *Tingnan din sa* Ikalawang Pagparito ni Jesucristo; Impiyerno

Ang isanlibong taon ng kapayapaan na magsisimula kapag pumarito si Cristo upang maghari sa mundo (S ng P 1:10).

Ang mga tao ay hindi magtataas ng espada, ni mag-aaral ng pakikipagdigma, **Is.** 2:4 (2 Ne. 12:4; Mi. 4:3). Ang lupaing

ito na sira ay naging gaya ng halamanan ng Eden, **Ez.** 36:35. Sila ay nangabuhay at nagsipagharing kasama ni Cristo sa loob ng isanlibong taon, **Apoc.** 20:4. Dahil sa kabutihan, si Satanas ay mawawalan ng kapangyarihan, **1 Ne.** 22:26. Ako ay mananahanan sa kabutihan sa mundo ng isanlibong taon, **D at T** 29:11. Kapag natapos na ang yaong isanlibong taon, aking hahayaan ang mundo sa sandaling panahon lamang, **D at T** 29:22. Ang dakilang Milenyo ay darating, **D at T** 43:30. Ang mga anak ng kabutihan ay lalaking walang kasalanan, **D at T** 45:58. Ang mga bata ay lalaki hanggang tumanda; ang tao ay mababago sa isang kisap-mata, **D at T** 63:51. Sa simula ng ikapitong libong taon, pababanalin ng Panginoon ang mundo, **D at T** 77:12. Sila ay hindi muling mabubuhay hanggang sa ang isanlibong taon ay matapos, **D at T** 88:101. Si Satanas ay magagapos sa loob ng isanlibong taon, **D at T** 88:110. Inilarawan ang Milenyo, **D at T** 101:23–34. Sa loob ng isanlibong taon ang mundo ay mamamahinga, **Moi.** 7:64.

**MIRIAM.** *Tingnan din sa* Moises

Sa Lumang Tipan, ang kapatid ni Moises (Blg. 26:59).

Bantayan ang kabang yantok, **Ex.** 2:1–8. Pinangunahan ang mga babaing may pandereta, **Ex.** 15:20–21. Bumulung-bulong laban kay Moises at nagkasakit ng ketong, at pagkatapos ay gumaling, **Blg.** 12:1–15 (Deut. 24:9).

**MISSOURI.** *Tingnan sa* Bagong Jerusalem

**MOAB.** *Tingnan din sa* Lot

Isang lupain sa panahon ng Lumang Tipan na matatagpuan sa silangang bahagi ng Patay na Dagat. Ang mga Moabita ay mga inapo ni Lot at may kaugnayan sa mga Israelita. Sila ay nagsasalita sa isang wika na katulad ng Hebreo. May patuloy na digmaang namamagitan sa mga Moabita at sa mga Israelita (Huk. 3:12–30; 11:17; 2 Sam. 8:2; 2 Hari 3:6–27; 2 Cron. 20:1–25; Is. 15).

**MOISES.** *Tingnan din sa* Aaron, Kapatid ni Moises; Batas ni Moises, Mga; Kautusan, Ang Sampung; Pagbabagong-anyo—Pagbabagong-anyo ni Cristo; Pentateuch

Isang propeta sa Lumang Tipan na namuno sa mga Israelita sa paglaya mula sa pagkaalipin sa Egipto at nagbigay sa kanila ng isang takdang batas ng relihiyon, pakikitungo sa kapwa, at sa pagkain gaya ng ipinahayag ng Diyos.

Ang paglilingkod ni Moises ay nagpatuloy pa maging pagkatapos ng kanyang buhay sa mundo. Itinuro ni Joseph Smith na, kasama ni Elijah, siya ay nagtungo sa Bundok ng Pagbabagong-anyo at iginawad ang mga susi ng pagkasaserdote kina Pedro, Santiago, at Juan (Mat. 17:3–4; Mar. 9:4–9; Lu. 9:30; D at T 63:21).

Nagpakita si Moises kina Joseph Smith at Oliver Cowdery noong ika–3 ng Abril 1836, sa templo ng Kirtland, Ohio, at iginawad sa kanila ang mga susi ng pagtitipon ng Israel (D at T 110:11).

Maraming nababanggit ang paghahayag sa huling araw tungkol kay Moises. Siya ay madalas mabanggit sa Aklat ni Mormon, at mula sa Doktrina at mga Tipan ay nalaman natin ang tungkol sa kanyang paglilingkod (D at T 84:20–26) at na kanyang natanggap ang pagkasaserdote mula sa kanyang biyanang lalaki, na si Jethro (D at T 84:6).

Pinagtibay rin ng paghahayag sa huling araw ang mga ulat sa Biblia tungkol sa kanyang paglilingkod sa mga anak ni Israel at muling pinatunayan na siya ang may-akda ng limang unang aklat sa Lumang Tipan (1 Ne. 5:11; Moi. 1:40–41).

Iniligtas ng anak ng Faraon, **Ex.** 2:1–10. Tumakas patungong Madian, **Ex.** 2:11–22. Nagpakita sa kanya ang anghel ng Panginoon sa isang nag-aapoy na mababang punungkahoy, **Ex.** 3:1–15. Nagtalastas ng mga salot na sasapit sa mga taga-Egipto, **Ex.** 7–11. Pinasimulan ng Panginoon ang Paskua, **Ex.** 12:1–30. Pinamunuan ang mga anak ng Israel sa

pagtawid sa Dagat na Pula, **Ex.** 14:5–31. Nagpadala ang Panginoon ng manna sa disyerto, **Ex.** 16. Pumalo ng bato sa Horeb at bumukal ang tubig, **Ex.** 17:1–7. Itinaas nina Aaron at Hur ang kanyang mga kamay kaya't nanaig si Josue kay Amalec, **Ex.** 17:8–16. Pinagpayuhan siya ni Jethro, **Ex.** 18:13–26. Inihanda ang mga tao para sa pagpapakita ng Panginoon sa bundok ng Sinai, **Ex.** 19. Ipinahayag ng Panginoon ang Sampung Kautusan sa kanya, **Ex.** 20:1–17. Siya at ang pitumpung elder ay nakita ang Diyos, **Ex.** 24:9–11. Binasag ang mga tapyas na bato ng pagpapatotoo at winasak ang ginintuang guya, **Ex.** 32:19–20. Nakipag-usap nang harapan sa Diyos, **Ex.** 33:9–11. Nagpakita nang magbagong-anyo si Jesus, **Mat.** 17:1–13 (Mar. 9:2–13; Lu. 9:28–36). Maging malakas tayong katulad ni Moises, **1 Ne.** 4:2. Si Cristo ang propetang tulad ni Moises na ibabangon ng Panginoon, **1 Ne.** 22:20–21 (3 Ne. 20:23; Deut. 18:15). Inakay ang Israel sa pamamagitan ng paghahayag, **D at T** 8:3. Nakitang kasama ng mga dakilang espiritu, **D at T** 138:41. Nakita ang Diyos nang harapan, **Moi.** 1:2, 31. Kawangis ng Bugtong na Anak, **Moi.** 1:6, 13. Magsusulat ng mga bagay na ipinahayag sa kanya hinggil sa paglikha, **Moi.** 2:1.

*Ang aklat ni Moises:* Isang aklat sa Mahalagang Perlas na naglalaman ng mga pagsasalin ni Joseph Smith ng unang pitong kabanata ng Genesis.

Natatala sa kabanata 1 ang pangitain kung saan ay nakita ni Moises ang Diyos, na nagpahayag sa kanya ng buong plano ng kaligtasan. Ang mga kabanata 2–5 ay isang ulat ng Paglikha at pagkahulog ng tao. Nilalaman sa mga kabanata 6–7 ang pangitain tungkol kay Enoc at sa kanyang paglilingkod sa mundo. Nilalaman sa kabanata 8 ang pangitain tungkol kay Noe at sa malaking baha.

*Ang limang aklat ni Moises: Tingnan sa* Genesis; Exodo; Levitico; Mga Bilang; Deuteronomio

Ang unang limang aklat sa Lumang Tipan ay kilala bilang mga aklat ni Moises. Naglalaman ang mga tansong lamina na kinuha ni Nephi kay Laban ng mga aklat ni Moises (1 Ne. 5:11).

Binasa ni Nephi ang maraming bagay na nasusulat sa mga aklat ni Moises, **1 Ne.** 19:23.

**MORALIDAD.** *Tingnan sa* Kalinisang-puri; Pakikiapid; Pangangalunya; Seksuwal na Imoralidad

**MORMON, (MGA).** *Tingnan din sa* Simbahan ni Jesucristo; Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Ang

Ang palayaw na *Mormon* ay nilikha ng mga taong hindi kasapi ng Simbahan na tumutukoy sa mga kasapi ng Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang pangalang ito ay nanggaling mula sa banal na kasulatan na tinipon ng sinaunang propetang si Mormon at pinamagatang Ang Aklat ni Mormon. Ang pangalang ibinigay ng Panginoon na itatawag sa mga kasapi ng Simbahan ay "Banal." Ang tamang pangalan ng Simbahan ay Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

**MORMON, AKLAT NI.** *Tingnan sa* Aklat ni Mormon

**MORMON, PROPETANG NEPHITA.** *Tingnan din sa* Aklat ni Mormon

Isang propetang Nephita, heneral sa militar, at isang taga-ingat ng talaan sa Aklat ni Mormon. Si Mormon ay nabuhay noong mga 311–385 A.D. (Morm. 1:2, 6; 6:5–6; 8:2–3). Siya ay isang pinuno ng militar halos buong buhay niya, simula sa edad na labinlima (Morm. 2:1–2; 3:8–12; 5:1; 8:2–3). Tinagubilinan ni Amaron si Mormon na ihanda ang kanyang sarili upang mapangasiwaan ang mga talaan at mapag-ingatan ang talaan (Morm. 1:2–5; 2:17–18). Matapos itala ang kasaysayan ng kanyang buong buhay, pinaikli ni Mormon ang malalaking lamina ni Nephi sa mga lamina ni Mormon. Pagkatapos ibini-

gay niya ang banal na talaan sa kanyang anak na si Moroni. Ang mga laminang ito ay bahagi ng talaan kung saan isinalin ni Joseph Smith ang Aklat ni Mormon.

*Ang mga Salita ni Mormon:* Isang maliit na aklat sa Aklat ni Mormon. Sa pagitan ng huling salita ni Amaleki sa Aklat ni Omni at unang salita sa Aklat ni Mosias, si Mormon, ang patnugot ng lahat ng talaan, ang gumawa ng maliit na pagsisingit na ito. (Tingnan "Ang Maikling Pagpapaliwanag Tungkol sa Aklat ni Mormon" sa harapan ng Aklat ni Mormon.)

*Ang aklat ni Mormon:* Isang hiwalay na aklat sa loob ng tomo ng banal na kasulatan na kilala bilang Aklat ni Mormon. Nasasaad sa mga kabanata 1–2 ang tungkol kay Amaron, isang propeta ng mga Nephita, nagtatagubilin kay Mormon kung kailan at saan makukuha ang mga lamina. Gayundin, ang malalaking digmaan ay nagsimula, at ang Tatlong Nephita ay kinuha dahil sa kasamaan ng mga tao. Nasasaad sa mga kabanata 3–4 ang tungkol sa pangangaral ng pagsisisi ni Mormon sa mga tao: ngunit sila ay manhid na, at mas matinding kasamaan ang umiral nang labis kaysa dati sa Israel. Natatala sa mga kabanata 5–6 ang huling labanan sa pagitan ng mga Nephita at ng mga Lamanita. Si Mormon ay napatay kasama ang marami ng bayang Nephita. Sa kabanata 7, bago siya mamatay, nanawagan si Mormon sa mga tao—noon at sa darating na panahon—na magsipagsisi. Iniulat sa mga kabanata 8–9 na sa dakong huli ang anak ni Mormon lamang, na si Moroni, ang natira. Itinala niya ang mga huling pangyayari ng kamatayan at pagkatay, kasama ang wakas ng mga taong Nephita, at sumulat ng isang pahatid para sa mga susunod na salinlahi at para sa mga makakababasa ng talaang ito.

**MORONI, ANAK NI MORMON.** *Tingnan din sa* Aklat ni Mormon; Mormon, Propetang Nephita

Ang huling propetang Nephita sa Aklat ni Mormon (mga A.D. 421). Bago namatay si Mormon, ibinigay niya ang isang talaan ng kasaysayan na tinawag na mga lamina ni Mormon sa kanyang anak na si Moroni (S ni M 1:1). Tinapos ni Moroni ang pagtipon ng mga lamina ni Mormon. Idinagdag niya ang mga kabanata 8 at 9 sa aklat ni Mormon (Morm. 8:1). Kanyang pinaikli at isinama ang aklat ni Eter (Eter 1:1–2) at idinagdag ang kanyang sariling aklat na tinawag na aklat ni Moroni (Moro. 1:1–4). Mahigpit na isinara ni Moroni ang mga lamina at itinago ang mga ito sa burol ng Cumorah (Morm. 8:14; Moro. 10:2). Noong 1823 si Moroni ay isinugo bilang isang nabuhay na maguling tao upang ihayag ang Aklat ni Mormon kay Joseph Smith (JS—K 1:30–42, 45; D at T 27:5). Tinagubilinan niya ang batang propeta bawat taon mula 1823 hanggang 1827 (JS—K 1:54) at sa dakong huli ay ibinigay ang mga lamina sa kanya noong 1827 (JS—K 1:59). Nang matapos ang pagsasalin ay ibinalik ni Joseph Smith ang mga lamina kay Moroni.

*Ang aklat ni Moroni:* Ang huling aklat sa Aklat ni Mormon. Ito ay isinulat ng huling propetang Nephita, na si Moroni. Nasasaad sa mga kabanata 1–3 ang tuluyang pagkalipol ng mga Nephita, na nagbibigay ng tagubilin sa paggagawad ng Banal na Espiritu at ng pagkasaserdote. Inilahad sa mga kabanata 4–6 ang wastong pamamaraan ng pangangasiwa ng sakramento. Binuod sa kabanata 6 ang gawain ng Simbahan. Sa mga kabanata 7–8 ang mga pangaral tungkol sa unang alituntunin ng ebanghelyo, kabilang na ang mga turo ni Mormon tungkol sa pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa kapwa-tao at kung paano ang paraan ng paghusga ng mabuti sa masama (Moro. 7), at ang paliwanag din ni Mormon na ang mga bata ay buhay kay Cristo at hindi nangangailangan ng binyag (Moro. 8). Inilarawan sa kabanata 9 ang kasamaan ng bayang Nephita. Ang kabanata 10 ay huling pahatid ni Moroni at isinama ang paraan

upang malaman ang katotohanan ng Aklat ni Mormon (Moro. 10:3–5).

**MORONI, KAPITAN.** *Tingnan din sa* Bandila ng Kalayaan

Sa Aklat ni Mormon, isang matwid na komandante ng militar na Nephita na nabuhay noong 100 B.C.

Si Moroni ay nahirang na punong kapitan sa buong hukbong Nephita, **Alma** 43:16–17. Pumukaw sa mga kawal na Nephita upang makipaglaban para sa kanilang kalayaan, **Alma** 43:48–50. Gumawa ng isang bandila ng kalayaan sa isang bahagi ng kanyang damit, **Alma** 46:12–13. Siya ay tao ng Diyos, **Alma** 48:11–18. Siya ay nagalit sa pamahalaan dahil sa kanilang kawalang-pagpapahalaga sa kalayaan ng bayan, **Alma** 59:13.

**MORONIHAS, ANAK NI KAPITAN MORONI**

Isang matwid na komandanteng Nephita sa Aklat ni Mormon (mga 60 B.C.).

Ibinigay ni Moroni ang mga hukbo sa kanyang anak na si Moronihas, **Alma** 62:43. Nabawi muli ang lunsod ng Zarahemla, **Hel.** 1:33. Nadala sa pagsisisi ang mga Lamanita at nakuha muli ang pamamahala ng lupain, **Hel.** 4:14–20.

**MOSIAS, AMA NI BENJAMIN.** *Tingnan din sa* Benjamin, Ama ni Mosias; Zarahemla

Sa Aklat ni Mormon, ang propetang Nephita na ginawang hari sa mga tao ng Zarahemla.

Binalaan si Mosias na tumakas sa lupain ng Nephi, **Omni** 1:12. Kanyang natagpuan ang mga tao ng Zarahemla, **Omni** 1:14–15. Pinaturuan niya ang mga tao ng Zarahemla sa kanyang sariling wika, **Omni** 1:18. Siya ay hinirang na hari ng mga nagkakaisang tao, **Omni** 1:19. Ang kanyang anak na si Benjamin, ang naghari nang siya ay mamatay, **Omni** 1:23.

**MOSIAS, ANAK NI BENJAMIN.** *Tingnan din sa* Benjamin, Ama ni Mosias; Mosias, Mga Anak ni

Isang matwid na haring Nephita at propeta sa Aklat ni Mormon. Sinundan ni Mosias ang matwid na halimbawa ng kanyang ama (Mos. 6:4–7). Isinalin niya ang dalawampu at apat na laminang ginto na naglalaman ng talaan ng mga Jaredita (Mos. 28:17).

*Ang aklat ni Mosias:* Isang aklat sa Aklat ni Mormon. Nilalaman sa mga kabanata 1–6 ang matinding pangaral ni Haring Benjamin sa kanyang mga tao. Naantig ng Espiritu ng Panginoon ang kanilang mga puso at ang mga tao ay nagbalik-loob at hindi na muling nagnais pang gumawa ng masama. Nasasaad sa mga kabanata 7–8 ang tungkol sa isang pangkat ng mga Nephita na umalis upang manirahang kasama ng mga Lamanita. Isang pangkat ang isinugo upang hanapin sila. Si Ammon, na pinuno ng pangkat na naghahanap, ay nakita sila at nalaman ang kuwento ng kanilang mga pagsubok sa ilalim ng pang-aapi ng mga Lamanita. Inilalarawan sa mga kabanata 9–24 ang pang-aapi at kung paano ang kanilang mga pinuno—sina Zenif, Noe, at Limhi—ay namuhay sa ilalim ng pamamahala ng mga Lamanita. Ang pagiging martir ng isang propeta na nagngangalang Abinadi ay itinala rin. Si Alma ay nagbalik-loob sa paglilitis kay Abinadi. Iniuulat sa mga kabanata 25–28 ang mga salaysay kung paano nagbalik-loob ang anak ni Alma at ang apat na anak ni Haring Mosias. Iminungkahi ni Haring Mosias sa kabanata 29 na palitan ng panunungkulan ng mga hukom ang mga hari. Si Alma na anak ni Alma ay nahalal na unang punong hukom.

**MOSIAS, MGA ANAK NI.** *Tingnan din sa* Aaron, Anak ni Mosias; Ammon, Anak ni Mosias; Himni; Mosias, Anak ni Benjamin; Omner

Sa Aklat ni Mormon, ang apat na anak ni Haring Mosias na nagbalik-loob matapos magpakita ang isang anghel sa kanila at sinabihan silang magsisi. Ang kanilang mga pangalan ay Ammon, Aaron, Omner, at Himni (Mos. 27:34). Sila ay gumugol ng matagumpay na labing-apat na taong pangangaral ng ebanghelyo sa mga Lamanita. Ang ulat

ng kanilang paglilingkod sa mga Lamanita ay ibinigay sa aklat ni Alma, sa mga kabanata 17 hanggang 26.

Noong una sila ay mga hindi naniniwala na nagtangkang wasakin ang Simbahan, **Mos.** 27:8–10 (Alma 36:6). Sila ay kinagalitan ng anghel at nagsisi, **Mos.** 27:11–12, 18–20. Sila ay nakatamo ng pahintulot na mangaral sa mga Lamanita, **Mos.** 28:1–7.

**MUKHA**

Ang buong anyo ng mukha ng isang tao, na kadalasang naaaninagan ng espirituwal na pag-uugali at lagay ng isipan.

Ang kanilang mga mukha ay sumasaksi laban sa kanila, **Is.** 3:9. Nagbago ang pagmumukha ng hari, at ginambala siya ng kanyang pag-iisip, **Dan.** 5:6. Ang kanyang anyo ay tulad sa kidlat, **Mat.** 28:3. Ang kanyang mukha ay gaya ng araw, **Apoc.** 1:16. Inyo bang tinanggap ang kanyang larawan sa inyong mga mukha, **Alma** 5:14, 19. Nakita ni Ammon na nagbago ang anyo ng mukha ng hari, **Alma** 18:12. Mag-ayuno at manalangin nang may masayang puso at mukha, **D at T** 59:14–15. Ang kanyang mukha ay nagniningning nang higit pa sa liwanag ng araw, **D at T** 110:3.

**MULEK.** *Tingnan din sa* Zedekias

Anak ni Haring Zedekias sa Lumang Tipan (c. 589 B.C.). Natatala sa Biblia na ang lahat ng anak ni Zedekias ay napatay (2 Hari 25:7), ngunit nilinaw sa Aklat ni Mormon na nakaligtas si Mulek (Hel. 8:21).

Si Zarahemla ay isang inapo ni Mulek, **Mos.** 25:2. Ang mga tao ni Mulek ay nakiisa sa mga Nephita, **Mos.** 25:13. Dinala ng Panginoon si Mulek sa hilagang lupain, **Hel.** 6:10. Lahat ng anak ni Zedekias ay napatay maliban kay Mulek, **Hel.** 8:21.

**MUNDO.** *Tingnan din sa* Daigdig; Likha, Paglikha

Ang planeta kung saan tayo naninirahan, na nilikha ng Diyos sa pamamagitan ni Jesucristo upang magamit ng tao sa panahon ng kanyang pagsubok sa buhay na ito. Ang kahahantungan nito sa huli ay kaluwalhatian at kadakilaan (D at T 77:1–2; 130:8–9). Ang mundo ang magiging walang hanggang pamana ng mga yaong nabuhay na karapat-dapat sa isang selestiyal na kaluwalhatian (D at T 88:14–26). Kanilang matatamasa ang mamuhay sa kinaroroonan ng Ama at ng Anak (D at T 76:62).

*Nilikha para sa tao:* Binigyan ng kapangyarihan ng Diyos ang tao sa mundo, **Gen.** 1:28 (Moi. 2:28). Ang lupa'y sa Panginoon, **Ex.** 9:29 (Awit 24:1). Ibinigay ng Panginoon ang lupa sa mga anak ng tao, **Awit** 115:16. Aking ginawa ang mundo at nilalang ang tao rito, **Is.** 45:12. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kanyang salita ay nalikha ang tao sa ibabaw ng mundo, **Jac.** 4:9. Ibibigay ang mundo sa mga yaong tumanggap sa Espiritu Santo na maging kanilang patnubay, **D at T** 45:56–58 (D at T 103:7). Yaong mga sumunod sa ebanghelyo ay gagantimpalaan ng mabubuting bagay ng lupa, **D at T** 59:3. Ang mga maralita at maaamo ng mundo ay magmamana nito, **D at T** 88:17 (Mat. 5:5; 3 Ne. 12:5). Tayo ay lilikha ng mundo, at susubukin natin sila, **Abr.** 3:24–25.

*Isang buhay na kinapal:* Ang lupa ay mananatili magpakailanman, **Ec.** 1:4. Ang dagat na salamin ay ang mundo sa pinabanal, walang kamatayan, at walang hanggang kalagayan nito, **D at T** 77:1. Ang mundo ay kailangang mapabanal at maihanda para sa selestiyal na kaluwalhatian, **D at T** 88:18–19. Malakas na nagdalamhati ang mundo, **Moi.** 7:48.

*Pagkakahati ng mundo:* Mapisan ang mga tubig sa isang dako, **Gen.** 1:9. Sa mga araw ni Peleg ay nahati ang lupa, **Gen.** 10:25. Matapos bumaba ang mga tubig, naging isa itong piling lupain, **Eter** 13:2. Ang mundo ay magiging tulad noon bago pa ito nahati, **D at T** 133:24.

*Paglilinis ng mundo:* Umulan ng apatnapung araw sa mundo, **Gen.** 7:4. Ang lupa ay inilalaan sa apoy sa araw ng paghuhukom, **2 Ped.** 3:7. Pagkatapos ng ngayon ay darating ang pagsunog,

**D at T** 64:24. Ninanais ng mundo na malinis mula sa karumihan, **Moi.** 7:48.

*Huling kalagayan ng mundo:* Ang lupa ay sama-samang mababalot katulad ng nakalulon na papel at lilipas, **3 Ne.** 26:3 (D at T 29:23). Magkakaroon ng isang bagong langit at isang bagong lupa, **Eter** 13:9 (D at T 29:23). Ang dagat na salamin ay ang mundo sa pinabanal, walang kamatayan, at walang hanggang kalagayan nito, **D at T** 77:1. Ang mundo ay kailangang mapabanal at maihanda para sa selestiyal na kaluwalhatian, **D at T** 88:18–19. Ang mundong ito ay gagawing tulad ng kristal at magiging Urim at Tummim, **D at T** 130:8–9. Sa loob ng isanlibong taon ang mundo ay mamamahinga, **Moi.** 7:64. Ang mundo ay babaguhin, **S ng P** 1:10.

**MUSIKA.** *Tingnan din sa* Awitin; Himno

Ang mga himig at kumpas na inaawit at pinatutugtog simula pa noong panahon ng Biblia upang maghayag ng kagalakan, papuri, at pagsamba (2 Sam. 6:5). Ito ay maaari ring isang uri ng panalangin. Ang mga salmo ay maaari ring inawit sa mga payak na himig at sinasaliwan ng mga instrumento.

Si Miriam, na kapatid nina Aaron at Moises, ay tumangan ng isang pandereta at siya at ang mga babae ay nagsayawan, **Ex.** 15:20. Ang mga Levita na mga mang-aawit ay may mga simbalo at mga alpa at isandaan at dalawampung saserdote ay nagpapatunog ng mga pakakak, **2 Cron.** 5:12. Si Jesus at ang Labindalawa ay umawit ng himno pagkatapos ng Huling Hapunan, **Mat.** 26:30. Magturuan at magpaalalahanan sa isa't isa sa pamamagitan ng mga salmo at himno at mga awiting espirituwal, **Col.** 3:16. Inyo nang nadama ang umawit ng awit ng mapagtubos na pag-ibig? **Alma** 5:26. Ang kaluluwa ng Diyos ay nagagalak sa awitin ng puso; oo, ang awit ng mabubuti ay isang panalangin, **D at T** 25:12. Purihin ang Diyos sa pamamagitan ng pag-awit, ng musika, at ng pagsasayaw, **D at T** 136:28.

**NAAMAN.** *Tingnan din sa* Eliseo

Sa Lumang Tipan, ang kapitan ng hukbo ng hari ng Siria. Isa rin siyang ketongin. Sa pamamagitan ng pananampalataya ng isang tagapagsilbing Israelita, siya ay nagtungo sa Israel upang makita ang propetang si Eliseo. Siya ay napagaling sa ketong sa pamamagitan ng kanyang pagpapakumbaba at paliligo ng pitong ulit sa ilog ng Jordan tulad ng itinagubilin ng propetang si Eliseo (2 Hari 5:1–19; Lu. 4:27).

**NABUCODONOSOR.** *Tingnan din sa* Babel, Babilonia; Daniel

Sa Lumang Tipan, ang hari ng Babilonia (604–561 B.C.) na lumupig sa Juda (2 Hari 24:1–4) at kumubkob sa Jerusalem (2 Hari 24:10–11). Ang propetang si Lehi ay inutusang lisanin ang Jerusalem noong mga 600 B.C. upang maiwasang madalang bihag sa Babilonia (1 Ne. 1:4–13) nang dalhin ni Nabucodonosor si Haring Zedekias at ang kanyang mga tao (2 Hari 25:1, 8–16, 20–22). Binigyang-kahulugan ni Daniel ang mga panaginip ni Nabucodonosor (Dan. 2; 4).

**NAGKAKAISANG ORDEN.** *Tingnan din sa* Paglalaan, Batas ng Paglalaan

Isang samahan kung saan ang mga Banal noong mga unang araw ng pinanumbalik na Simbahan ay nagnais na sundin ang batas ng paglalaan. Nagbahagi ang bawat isa ng ari-arian, pagkain, at tubo, tinatanggap ang mga bagay na ito alinsunod sa kanilang kakulangan at pangangailangan (D at T 51:3; 78:1–15; 104).

Sa inyong mga temporal na bagay kayo ay maging pantay-pantay, **D at T** 70:14. Dapat isaayos ang mga Banal upang maging pantay-pantay sa lahat ng bagay, **D at T** 78:3–11 (D at T 82:17–20). Nagbigay ang Panginoon sa nagkakaisang orden ng isang paghahayag at isang kautusan, **D at T** 92:1. Dapat maging kasapi si John Johnson ng nagkakaisang orden, **D at T** 96:6–9. Nagbigay ang Panginoon ng pangkalahatang tagubilin sa pagsasaayos ng nagkakai-

sang orden, **D at T** 104. Ang aking mga tao ay hindi nagkakaisa alinsunod sa pagkakaisa na hinihingi ng kahariang selestiyal, **D at T** 105:1–13.

**NAGSISISING PUSO.** *Tingnan sa* Bagbag na Puso

**NAHUM**

Isang propeta sa Lumang Tipan na nagmula sa Galilea na nagsulat ng kanyang mga propesiya sa pagitan ng mga taong 642 at 606 B.C.

*Ang aklat ni Nahum:* Nasasaad sa kabanata 1 ang pagsunog sa mundo sa Ikalawang Pagparito at ng awa at kapangyarihan ng Panginoon. Sa kabanata 2 ay nasasaad ang pagkawasak ng Ninive, na isang babala ng mangyayari sa mga huling araw. Ipinagpapatuloy sa kabanata 3 ang paghahayag ng malungkot na pagkawasak ng Ninive.

**NAKATATANDANG ALMA**

Isang propetang Nephita sa Aklat ni Mormon na siyang nagtatag ng Simbahan noong kapanahunan ng masamang haring si Noe.

Noon ay isang saserdote ng masamang haring si Noe at isang inapo ni Nephi, **Mos.** 17:1–2. Matapos mapakinggan at paniwalaan si Abinadi ay pinagtabuyan ng hari. Siya ay tumakas, nagtago, at isinulat ang mga salita ni Abinadi, **Mos.** 17:3–4. Nagsisi at itinuro ang mga salita ni Abinadi, **Mos.** 18:1. Nagbinyag sa mga tubig ng Mormon, **Mos.** 18:12–16. Nagtatag ng Simbahan, **Mos.** 18:17–29. Dumating na kasama ang kanyang mga tao sa Zarahemla, **Mos.** 24:25. Binigyan ng karapatan sa Simbahan, **Mos.** 26:8. Humatol at namuno sa Simbahan, **Mos.** 26:34–39. Iginawad ang katungkulan ng mataas na saserdote sa kanyang anak, **Alma** 4:4 (Mos.29:42; Alma 5:3).

**NAMUMUNONG OBISPO**

Isang "Pangkalahatang Maykapangyarihan" sa Simbahan. Siya ay may pangkalahatang katungkulan sa temporal na kapakanan ng Simbahan (D at T 107:68). Ang Namumunong Obispo at ang kanyang mga tagapayo, na mga "Pangkalahatang Maykapangyarihan" din, ang namumuno sa Pagkasaserdoteng Aaron ng Simbahan (D at T 68:16–17; 107:76, 87–88).

Si Edward Partridge ay inordenang obispo, **D at T** 41:9. Ang mga obispo ay tatawagin at ilalaan ng Unang Panguluhan, **D at T** 68:14–15. Ang tunay na inapo ni Aaron, na mga panganay, ay may karapatang mamuno kung tatawagin, ilaan, at iordenan ng Unang Panguluhan, **D at T** 68:16, 18–20. Maaari lamang litisin sa harapan ng Unang Panguluhan, **D at T** 68:22–24 (D at T 107:82).

**NATANAEL.** *Tingnan din sa* Bartolome

Isang Apostol ni Cristo at isang kaibigan ni Felipe sa Bagong Tipan (Juan 1:45–51). Siya ay nagmula sa Cana sa Galilea (Juan 21:2). Sinabi ni Cristo na si Natanael ay isang Israelita na walang daya (Juan 1:47). Siya at si Bartolome ay madalas na inaakalang iisang tao (Mat. 10:3; Mar. 3:18; Lu. 6:14; Juan 1:43–45).

**NATHAN.** *Tingnan din sa* David

Isang propeta sa Lumang Tipan sa panahon ni Haring David. Nang si David ay mag-alok na magtayo ng templo para sa Panginoon, ang Panginoon ay nagtagubilin kay Nathan na sabihin kay David na hindi siya ang magtatayo niyon. Kinagalitan din ni Nathan si David dahil siya ang naging sanhi ng kamatayan ni Uria, isa sa kanyang mga mandirigma, at sa kanyang pagkuha ng asawa ni Uria, na si Bath-sheba (2 Sam. 12:1–15; D at T 132:38–39). Si Sadoc, na kasama ni Nathan, ang nagpahid ng langis sa anak ni David na si Solomon upang maging hari (1 Hari 1:38–39, 45).

**NAUVOO, ILLINOIS (USA)**

Isang lunsod na itinayo ng mga Banal sa mga Huling Araw noong 1839 sa estado ng Illinois. Ito ay matatagpuan sa Ilog ng Mississippi, mga 320 kilometro paakyat ng ilog mula sa St. Louis.

Dahil sa mga pag-uusig sa estado ng

Missouri, ang mga Banal ay lumikas nang may 320 kilometro patungong hilagang silangan, sa kabila ng Ilog ng Mississipi, at sa Illinois, kung saan sila nakakita ng mas mainam na kalagayan. Nang maglaon, bumili ang mga Banal ng lupaing malapit sa di maunlad na lunsod ng Commerce. Ang lupaing ito ay halos latiang ilang na may iilang pangkaraniwang gusali. Pinatuyo ng mga Banal ang lupain at nagtayo ng mga tahanan. Inilikas ni Joseph Smith ang kanyang mag-anak sa isang maliit na bahay na yari sa troso. Ang pangalan ng lunsod na Commerce ay binago sa Nauvoo, na isinunod sa salitang Hebreo na "maganda."

Ilan sa bahagi ng Doktrina at mga Tipan ay itinala sa Nauvoo (D at T 124–129, 132, 135). Ang mga Banal ay sinabihang magtayo ng isang templo sa Nauvoo (D at T 124:26–27). Nagtayo sila ng templo at nagtatag ng mga istaka ng Sion bago sila itinaboy sa kanilang mga tahanan noong 1846. Bunga ng pag-uusig na ito, nilisan ng mga Banal ang pook na ito at sila ay nagtungo sa kanluran.

**NAWAWALANG AKLAT NG BANAL NA KASULATAN, MGA.** *Tingnan sa* Banal na Kasulatan, Mga—Nawalang mga banal na kasulatan

**NAWAWALANG LIPI, MGA.** *Tingnan sa* Israel—Ang sampung nawawalang lipi ni Israel

**NAZARET.** *Tingnan din sa* Jesucristo

Isang nayon sa mga bulubundukin sa kanluran ng Dagat ng Galilea. Ang Nazaret ang unang tahanan ni Jesus (Mat. 2:23). Si Jesus ay nagturo sa sinagoga sa Nazaret, at nagpahayag na kanyang tinutupad ang propesiya sa Isaias 61:1–2 (Mat.13:54–58; Mar. 6:1–6; Lu. 4:16–30).

**NEHEMIAS**

Isang maharlikang Israelita sa Babilonia sa Lumang Tipan (maaaring isang Levita o kaya'y nagmula sa lipi ni Juda) na nagtaglay ng katungkulang tagahawak ng kopa sa korte ni Artajerjes, na kung saan nakatanggap siya ng isang makaharing utos na nagbibigay kapangyarihan sa kanya na muling itayo ang mga muog ng Jerusalem.

*Ang aklat ni Nehemias:* Ang aklat na ito ay isang pagpapatuloy ng aklat ni Ezra. Ito ay kinapapalooban ng isang ulat ng pag-unlad at mga kahirapan ng gawain sa Jerusalem kasunod ng pagbabalik ng mga Judio mula sa kanilang pagkabihag sa Babilonia. Nasasaad sa mga kabanata 1–7 ang unang pagdalaw ni Nehemias sa Jerusalem at ang muling pagtatayo ng mga muog ng lunsod, sa kabila ng matinding pag-uusig. Inilalarawan sa mga kabanata 8–10 ang mga panrehiliyon at panlipunang pagbabago na sinubukang ipatupad ni Nehemias. Ibinibigay sa mga kabanata 11–13 ang isang talaan ng mga pangalan ng yaong mga karapat-dapat at nagbibigay ng isang ulat ng pag-aalay ng muog. Natatala sa mga talata 4–31 ng kabanata 13 ang pangalawang pagdalaw ni Nehemias sa Jerusalem matapos malayo ng labindalawang taon.

**NEHOR.** *Tingnan din sa* Anti-Cristo; Huwad na Pagkasaserdote

Isang masamang tao sa Aklat ni Mormon. Si Nehor ang isa sa mga unang nagsagawa ng huwad na pagkasaserdote sa mga Nephita. Matapos magturo ng huwad na doktrina at patayin si Gedeon, siya ay pinatay dahil sa kanyang mga kasalanan (Alma 1). Nagpatuloy ang mga tagasunod ni Nehor ng kanyang masasamang gawain at turo matagal nang panahon matapos mamatay si Nehor.

Sina Alma at Amulek ay ipinabilanggo ng isang hukom alinsunod sa orden ni Nehor, **Alma** 14:14–18. Ang mga namatay ay nasa katungkulan ni Nehor, **Alma** 16:11. Marami ang alinsunod sa orden ng mga Nehor, **Alma** 21:4. Ang pinakamalaking bilang ng mga yaong pumatay sa kanilang mga kapatid ay alinsunod sa orden ng mga Nehor, **Alma** 24:28.

**NEPHI, ANAK NI HELAMAN.** *Tingnan din sa* Helaman, Anak ni Helaman; Lehi, Nephitang Misyonero

Sa Aklat ni Mormon, isang dakilang propetang Nephita at misyonero.

Ang panganay na anak ni Helaman, **Hel.** 3:21. Hinirang na punong hukom, **Hel.** 3:37. Siya at ang kanyang kapatid na si Lehi ay maraming napabalik-loob na mga Lamanita sa ebanghelyo, **Hel.** 5:18–19. Napaligiran ng apoy at napakawalan sa bilangguan, **Hel.** 5:20–52. Nagdasal doon sa kanyang toreng hardin, **Hel.** 7:6–10. Inihayag ang pagpaslang sa punong hukom, **Hel.** 8:25–28; 9:1–38. Nabigyan ng kapangyarihan ng Panginoon, **Hel.** 10:3–11. Humiling sa Panginoon ng isang taggutom at sa pagtatapos ng taggutom, **Hel.** 11:3–18.

**NEPHI, ANAK NI LEHI.** *Tingnan din sa* Lehi, Ama ni Nephi; Nephita, Mga

Sa Aklat ni Mormon, isang mabuting anak nina Lehi at Saria (1 Ne. 1:1–4; 2:5). Si Nephi ay may malakas na pananampalataya sa salita ng Diyos (1 Ne. 3:7) at naging isang dakilang propeta, taga-ingat ng talaan, at pinuno ng kanyang mga tao.

Masunurin at nananalangin sa pananampalataya, **1 Ne.** 2:16. Bumalik sa Jerusalem upang kunin ang mga laminang tanso, **1 Ne.** 3–4. Nagbalik sa Jerusalem upang isama ang mag-anak ni Ismael sa ilang, **1 Ne.** 7. Nakatanggap ng pangitain katulad ng kay Lehi, **1 Ne.** 10:17–22, 11. Nakita sa pangitain ang hinaharap ng kanyang mga tao at ang pagpapanumbalik ng ebanghelyo, **1 Ne.** 12–13. Nagpakahulugan sa pangitain ng puno ng buhay, **1 Ne.** 15:21–36. Nabali ang kanyang busog subalit sa pamamagitan ng kanyang pananampalataya ay nakakuha ng pagkain, **1 Ne.** 16:18–32. Gumawa ng isang sasakyang-dagat at naglayag sa lupang pangako, **1 Ne.** 17–18. Ang mga Nephita at Lamanita ay naghiwalay, **2 Ne.** 5. Nagbigay ng huling patotoo, **2 Ne.** 33.

*Ang aklat ni 1 Nephi:* May malaking kaugnayan ang mga kabanata 1 hanggang 18:8 sa paglikas sa Jerusalem ni propetang Lehi at ng kanyang mag-anak. Naglakbay sila sa mga tigang na disyerto hanggang marating nila ang dagat. Nasasaad sa 1 Ne. 18:9–23 ang kanilang paglalayag patungo sa lupang pangako, sa pamamatnubay ng Panginoon, sa kabila ng paghihimagsik nina Laman at Lemuel. Nasasaad sa mga kabanata 19–22 ang layunin ni Nephi sa pag-iingat ng mga talaan (1 Ne. 6:1–6; 19:18)—upang himukin ang lahat na alalahanin ang Panginoon nilang Manunubos. Binanggit niya si Isaias (1 Ne. 20–21) at binigyan-kahulugan ang mga pahatid ni Isaias, sa pag-asang ang lahat ay lalapit upang kilalanin si Jesucristo bilang kanilang Tagapagligtas at Manunubos (1 Ne. 22:12).

*Ang aklat ni 2 Nephi:* Naglalaman ang mga kabanata 1–4 ng ilan sa huling mga turo ni Lehi at mga propesiya bago siya namatay, kabilang ang mga pagbabasbas sa kanyang mga anak at sa kanilang mga inapo. Ipinaliliwanag sa kabanata 5 kung bakit inihiwalay ng mga Nephita ang kanilang sarili sa mga Lamanita. Nagtayo ang mga Nephita ng isang templo, nagturo ng mga batas ni Moises, at nag-ingat ng mga talaan. Naglalaman ang mga kabanata 6–10 ng mga salita ni Jacob, ang nakababatang kapatid ni Nephi. Sinuring muli ni Jacob ang kasaysayan ng Juda at nagpropesiya hinggil sa Mesiyas, ang ilan sa mga yaon ay hinango mula sa mga isinulat ni propetang Isaias. Nagtala sa mga kabanata 11–33 si Nephi ng kanyang patotoo kay Cristo, ng patotoo ni Jacob, ng mga propesiya sa mga huling araw, at ilang mga kabanata mula sa aklat ni Isaias sa Lumang Tipan.

*Lamina ni Nephi, Mga: Tingnan sa* Lamina, Mga

**NEPHI, ANAK NI NEPHI, ANAK NI HELAMAN.** *Tingnan din sa* Disipulo; Nephi, Anak ni Helaman

Isa sa labindalawang Nephitang disipulo na pinili ng nabuhay na mag-uling si Jesucristo sa Aklat ni Mormon (3 Ne. 1:2–3; 19:4). Ang propetang ito ay buong taimtim na nanalangin sa Panginoon sa kapakanan ng kanyang mga tao. Narinig ni Nephi ang tinig ng Panginoon (3 Ne. 1:11–14). Dinalaw rin ng mga anghel si Nephi, nagpalayas ng mga demonyo, ibinangon ang kanyang kapatid mula sa patay, at nagbigay ng patotoo na hindi maaaring hindi paniwalaan (3 Ne. 7:15–19; 19:4). Iningatan ni Nephi ang banal na talaan (3 Ne. 1:2–3).

*Ang aklat ni 3 Nephi:* Isang aklat na isinulat ni Nephi, anak ni Nephi, sa Aklat ni Mormon. Ipinakikita sa mga kabanata 1–10 ang katuparan ng mga propesiya tungkol sa pagparito ng Panginoon. Ibinigay ang palatandaan ng pagsilang ni Cristo; nagsipagsisi ang mga tao; subalit bumalik din naman sila sa kasamaan. Sa huli mga unos, lindol, malalakas na bagyo, at malaking pagkawasak na naghudyat ng kamatayan ni Cristo. Natatala sa mga kabanata 11–28 ang pagparito ni Cristo sa Amerika. Ito ang pinakatampok na bahagi ng aklat ni 3 Nephi. Marami sa mga salita ni Cristo ay katulad sa kanyang mga pangaral na nakatala sa Biblia (halimbawa, Mat. 5–7 at 3 Ne. 12–14). Ang mga kabanata 29–30 ay mga salita ni Mormon sa mga bansa sa huling araw.

*Ang aklat ni 4 Nephi:* Ang aklat na ito ay mayroon lamang 49 na talata, lahat ay sa iisang kabanata, subalit ito ay sumasaklaw sa mahigit kumulang na tatlong daang taon ng kasaysayan ng Nephita (34–321 A.D.). Ilan sa mga salinlahing manunulat, kabilang si Nephi, ay nag-ambag sa talaan. Nasasaad sa mga talata 1–9 na matapos ang pagdalaw ng nabuhay na mag-uling si Cristo lahat ng Nephita at Lamanita ay nagbalik-loob sa ebanghelyo. Kapayapaan, pag-ibig at pagkakaisa ang naghari. Ang tatlong disipulong Nephita, na siyang pinahintulutan ni Cristo na manatili sa lupa hanggang sa kanyang pangalawang pagparito (3 Ne. 28:4–9) ay naglingkod sa mga tao. Iniwan ni Nephi ang talaan sa kanyang anak na si Amos. Ang mga talata 19–47 ay talaan ng paglilingkod ni Amos (84 taon) at ng kanyang anak na si Amos (112 taon). Noong 201 A.D., naging dahilan ng mga suliranin ang kapalaluan sa mga tao, na hinati ang kanilang sarili sa mga uri at sinimulan ang mga huwad na simbahan upang makinabang (4 Ne. 1:24–34).

Ipinakikita sa huling mga talata ng 4 Nephi na ang mga tao ay bumalik muli sa kasamaan (4 Ne. 1:35–49). Noong 305 A.D., si Amos na anak ni Amos ay namatay at itinago ng kanyang kapatid na si Amaron ang lahat ng banal na talaan upang mapagingatan. Pagkatapos ay ipinagkatiwala ni Amaron kay Mormon ang mga talaan, na nagtala ng maraming pangyayari ng kanyang sariling buhay at pagkatapos ay pinaikli ang mga ito (Morm. 1:2–4).

**NEPHITA, MGA.** *Tingnan din sa* Aklat ni Mormon; Lamanita, Mga; Nephi, Anak ni Lehi

Isang pangkat ng mga tao sa Aklat ni Mormon, marami sa kanila ay mga inapo ng propetang si Nephi, na anak ni Lehi. Humiwalay sila sa mga Lamanita at sila ay mas mabubuti kaysa mga Lamanita. Gayunpaman, sa huli nilipol sila ng mga Lamanita dahil sa kasamaan.

Humiwalay ang mga Nephita sa mga Lamanita, **2 Ne.** 5:5–17. Ang lahat ng yaong hindi mga Lamanita ay mga Nephita, **Jac.** 1:13. Ang mga Nephita ay binigyang-sigla ng higit na mainam na dahilan, **Alma** 43:6–9, 45. Hindi pa nagkakaroon ng higit na masayang panahon ang mga Nephita kaysa sa mga araw ni Moroni, **Alma** 50:23. Ang mga Nephita ay naligtas dahil sa mga panalangin ng mabubuti, **Alma** 62:40.

Nagsimulang manghina sa kawalang-paniniwala ang mga Nephita, **Hel.** 6:34–35. Nagturo at nagministeryo si Jesus sa mga Nephita, **3 Ne.** 11:1–28:12. Ang lahat ay nagbalik-loob sa Panginoon at nagkaroon ng pagkapantay-pantay sa lahat ng bagay, **4 Ne.** 1:2–3. Hindi na nagkaroon ng alitan, ang pag-ibig sa Diyos ay nanahan sa kanilang mga puso, at sila ang pinakamaliligayang tao, **4 Ne.** 1:15–16. Ang mga Nephita ay nagsimulang maging mapagmalaki at palalo, **4 Ne.** 1:43. Ang pagdanak ng dugo at pagkatay ay lumaganap sa ibabaw ng buong lupain, **Morm.** 2:8. Lumubha ang kasamaan ng mga Nephita at tumanggi si Mormon na pamunuan sila, **Morm.** 3:9–11. Ang lahat ng Nephita, maliban sa dalawampu't apat, ay napatay, **Morm.** 6:7–15. Ang bawat Nephita na hindi itinatwa ang Cristo ay pinagpapatay, **Moro.** 1:2. Ang mga Nephita ay nalipol dahil sa kanilang mga kasamaan at kasalanan, **D at T** 3:18. Mag-ingat sa kapalaluan sa takot na kayo ay maging katulad ng mga Nephita, **D at T** 38:39.

**NEPHITANG DISIPULO, MGA.** *Tingnan sa* Tatlong Nephitang Disipulo

**NEPHTALI.** *Tingnan din sa* Israel; Jacob, Anak ni Isaac

Ang panlima sa labindalawang anak ni Jacob at ang pangalawang anak ni Bilha, na babaing alipin ni Raquel (Gen. 30:7–8). Si Nephtali ay nagkaroon ng apat na anak na lalaki (1 Cron. 7:13).

*Ang lipi ni Nephtali:* Ang pagbabasbas ni Jacob kay Nephtali ay nasusulat sa Genesis 49:21. Ang pagbabasbas ni Moises sa lipi ay natatala sa Deuteronomio 33:23.

**NICODEMO.** *Tingnan din sa* Fariseo, Mga

Sa Bagong Tipan, isang matwid na pinuno ng mga Judio (malamang galing sa Sanedrin) at isang Fariseo (Juan 3:1).

Siya ay nakipag-usap kay Jesus noong hating-gabi, **Juan** 3:1–21. Kanyang ipinagtanggol si Cristo sa mga Fariseo, **Juan** 7:50–53. Nagdala siya ng mga panghalimuyak sa libing ni Jesus, **Juan** 19:39–40.

**NINIVE.** *Tingnan din sa* Asiria; Jonas

Sa Lumang Tipan, ang kabisera ng Asiria at sa mahigit na dalawang daang taon ay isang malaking sentro ng kalakalan sa silangang baybayin ng ilog Tigris. Bumagsak ito sa pagkatalo ng imperyo ng Asiria, 606 B.C.

Si Sennacherib, ang hari ng Asiria, ay nanirahan sa Ninive, **2 Hari** 19:36. Si Jonas ay isinugo upang manawagan sa bayan na magsisi, **Jon.** 1:1–2 (Jon. 3:1–4). Ang mga tao sa Ninive ay nagsipagsisi, **Jon.** 3:5–10. Ginamit ni Cristo sa mga Judio ang Ninive bilang halimbawa ng pagsisi, **Mat.** 12:41.

**NOE, ANAK NI ZENIF**

Isang masamang hari sa Aklat ni Mormon. Siya ay naghari sa pangkat ng mga Nephita sa lupain ng Nephi.

Si Noe ay nakagawa ng maraming kasalanan, **Mos.** 11:1–15. Iniutos niyang patayin si propeta Abinadi, **Mos.** 13:1 (Mos. 17:1, 5–20). Si Noe ay sinunog hanggang sa mamatay, **Mos.** 19:20.

**NOE, PATRIYARKA SA BIBLIA.** *Tingnan din sa* Arka; Baha sa Panahon ni Noe; Bahaghari; Gabriel

Sa Lumang Tipan, ang anak ni Lamec at ang ikasampung patriyarka mula kay Adan (Gen. 5:29–32). Nagpatotoo siya tungkol kay Cristo at nangaral ng pagsisisi sa masasamang salinlahi. Nang tanggihan ng mga tao ang kanyang mensahe, inutusan siya ng Diyos na gumawa ng arka upang panahanan ng kanyang mag-anak at ng lahat ng hayop kapag ang mundo ay binaha upang wasakin ang masasama (Gen. 6:13–22; Moi. 8:16–30). Itinuro ni propetang Joseph Smith na si Noe ang anghel na si Gabriel at tumatayong kasunod ni Adan sa paghawak ng mga susi ng kaligtasan.

Siya at ang kanyang mga anak na sina Japhet, Sem, at Ham, at ang kanilang

mga asawa ay naligtas nang sila ay gumawa ng arka sa utos ng Diyos, **Gen.** 6–8 (Heb. 11:7; 1 Ped. 3:20). Inulit ng Panginoon ang tipang kanyang ginawa kay Enoc kay Noe, **Gen.** 9:1–17 (Moi. 7:49–52; PJS, Gen. 9:15, 21–25). Si Noe ay naordenan ni Matusalem sa pagkasaserdote nang siya ay sampung taong gulang, **D at T** 107:52. Tinangka ng mga tao na kitlin ang kanyang buhay, subalit iniligtas siya ng kapangyarihan ng Diyos, **Moi.** 8:18. Siya ay naging tagapangaral ng kabutihan at nagturo ng ebanghelyo ni Jesucristo, **Moi.** 8:19, 23–24 (2 Ped. 2:5).

**NOEMI.** *Tingnan din sa* Ruth

Sa Lumang Tipan, isang mabuting babae at asawa ni Elimelech (Ruth 1–4). Dinala nina Elimelech at Noemi ang kanilang mag-anak sa Moab upang matakasan ang taggutom. Matapos mamatay si Elimelech at ang kanyang dalawang anak, si Noemi ay bumalik sa Betlehem kasama ang kanyang manugang na babae na si Ruth.

**OBADIAS**

Isang propeta sa Lumang Tipan na naghayag ng kapahamakan ng Edom. Siya ay maaaring nagpropesiya sa panahon ng paghahari ni Jehoram (848–844 B.C.) o sa panahon ng paglusob ng mga taga-Babilonia noong 586 B.C.

*Ang aklat ni Obadias:* Isang aklat sa Lumang Tipan. Ito ay may isang kabanata lamang. Dito, isinulat ni Obadias ang pagbagsak ng Edom at nagpropesiyang tatayo ang mga tagapagligtas sa Bundok ng Sion.

**OBED.** *Tingnan din sa* Boaz; Ruth

Sa Lumang Tipan, ang anak nina Boaz at Ruth at ama ni Jesse, na naging ama ni Haring David (Ruth 4:13–17, 21–22).

**OBISPO.** *Tingnan din sa* Pagkasaserdoteng Aaron

Ibig sabihin "tagapangasiwa", isang katungkulan o opisyo ng pananagutan. Ang obispo ay isang inordenang katungkulan sa Pagkasaserdoteng Aaron (D at T 20:67; 107:87–88), at ang obispo ay isang pangkalahatang hukom ng Israel (D at T 107:72, 74).

Ginawa kayong mga tagapangasiwa ng Espiritu Santo, **Gawa** 20:28. Itinakda ang mga hinihingi upang maging mga obispo, **1 Tim.** 3:1–7 (Titus 1:7). Ang isang obispo ay inoordenan, **D at T** 20:67. Maglilingkod si Edward Patridge bilang isang obispo sa Simbahan, **D at T** 41:9. Ang isang obispo ay makakikilala sa mga espirituwal na kaloob, **D at T** 46:27, 29. Ang isang mataas na saserdote ay makapaglilingkod sa katungkulan ng obispo, **D at T** 68:14, 19 (D at T 107:17). Ang obispo ay hinihirang ng Panginoon, **D at T** 72:1–26. Ang obispo ay magkakalinga sa mga maralita, **D at T** 84:112. Ang obispo ay mangangasiwa sa lahat ng bagay na temporal, **D at T** 107:68. Ang obispo ang pangulo ng Pagkasaserdoteng Aaron, **D at T** 107:87–88.

**OLIBO, BUNDOK NG MGA.** *Tingnan din sa* Getsemani

Isang burol sa silangan ng lambak ng Kidron, silangan ng Jerusalem. Sa kanlurang libis nito, malapit sa ilalim, ay halamanan ng Getsemani. Matatagpuan ang Betfage at Betania sa ibabaw at silangang libis. Ang bundok na ito ay pook ng maraming pangyayaring biblikal (Mat. 24:3) at magiging mahalagang pook din sa mga pangyayari sa mga huling araw (Zac. 14:3–5; D at T 45:48–54; 133:20).

**OMEGA.** *Tingnan sa* Alpha at Omega; Jesucristo

**OMNER.** *Tingnan din sa* Mosias, Anak ni Benjamin; Mosias, Mga Anak ni

Sa Aklat ni Mormon, isang anak ni Haring Mosias. Lumisan si Omner kasama ng kanyang mga kapatid upang mangaral sa mga Lamanita (Mos. 27:8–11, 34–37; 28:1–9).

**OMNI**

Isang Nephitang taga-ingat ng talaan

sa Aklat ni Mormon na nagsulat noong 361 B.C. (Jar. 1:15; Omni 1:1–3).

*Ang aklat ni Omni:* Isang aklat na isinalin mula sa maliliit na lamina ni Nephi sa Aklat ni Mormon. Ang aklat ay may isang kabanata lamang, na naglalaman ng ulat ng mga digmaan ng mga Nephita at Lamanita. Isinulat lamang ni Omni ang unang tatlong mga talata ng aklat. Ipinasa naman ang mga lamina kay Amaron, Chemish, Abinadom, at sa huli kay Amaleki. Ibinigay naman ni Amaleki ang mga lamina kay Haring Benjamin, ang hari ng Zarahemla.

**OPISYAL NA PAHAYAG—1.** *Tingnan din sa* Kasal, Pagpapakasal—Maramihang pagpapakasal; Manifesto; Woodruff, Wilford

Nilimbag sa mga pangwakas na pahina ng Doktrina at mga Tipan, ang unang bahagi ng Opisyal na Pahayag—1 ay kilala rin na Manifesto (Pahayag). Ito ay ibinigay ni Pangulong Wilford Woodruff at inihayag sa mga kasapi ng Simbahan sa isang pangkalahatang pagpupulong noong ika-6 ng Oktubre 1890. Simula noong 1862, iba't ibang batas sa sumunod na dalawampu't limang taon ay nagtakda na ang maramihang pagpapakasal ay hindi naaayon sa batas sa Estados Unidos. Ipinakita ng Panginoon kay Wilford Woodruff sa pamamagitan ng pangitain at paghahayag ang mangyayari kung hindi ititigil ng mga Banal ang pagsasagawa ng maramihang pagpapakasal. Maayos na ipinahayag ng Manifesto (Pahayag) na ang maramihang pagpapakasal ay hindi na isinasagawa.

**OPISYAL NA PAHAYAG—2.** *Tingnan din sa* Kimball, Spencer W.; Pagkasaserdote

Isang doktrinal na pahayag hinggil kung sino ang maaaring humawak ng pagkasaserdote ng Panginoon, ngayon ay nakasulat sa huling mga pahina ng Doktrina at mga Tipan. Sa mga unang araw ng Hunyo 1978, ipinahayag ng Panginoon kay Pangulong Spencer W. Kimball na ang pagkasaserdote ay maaaring ibigay sa lahat ng karapat-dapat na lalaking kasapi ng Simbahan. Pinapangyari nito na ang pagkasaserdote ay makamtan ng lahat ng karapat-dapat na kalalakihan at mga pagpapala sa templo ay makamtan ng lahat ng karapat-dapat na kasapi, anuman ang lahi o kulay. Noong Setyembre 30, 1978, ang pahayag na ito ay ibinigay sa pangkalahatang pagpupulong ng Simbahan at buong pagkakaisang tinanggap.

**ORDENAN, PAG-OORDEN.** *Tingnan sa* Kamay, Pagpapatong ng mga; Karapatan; Katungkulan, Pinuno; Tawag, Tinawag ng Diyos, Pagkakatawag; Pagkasaserdote

Humirang o magkaloob ng karapatan o katungkulan. Ang paggamit ng kapangyarihan sa simbahan ng Panginoon, ang isang tao ay kailangang tawagin ng Diyos, sa pamamagitan ng propesiya, at ng pagpapatong ng mga kamay ng mga yaong nasa kapangyarihan (S ng P 1:5). Kahit na ang isang tao ay maaaring tumanggap ng kapangyarihan sa pamamagitan ng pag-oorden, gagamitin niya ito sa ilalim ng pamamatnubay ng mga yaong humahawak ng mga tanging susi sa kapangyarihang iyon.

Inorden kitang propeta sa mga bansa, **Jer.** 1:5. Ako'y hindi ninyo pinili, ngunit kayo'y pinili ko, at akin kayong inorden, **Juan** 15:16. Sapagkat may karapatan mula sa Diyos, si Alma ay nag-orden ng mga saserdote, **Mos.** 18:18. Ang kalalakihan ay inordenan sa mataas na pagkasaserdote ng banal na ordenansa, **Alma** 13:1–9. Tumawag at nag-orden si Jesus ng labindalawang disipulo, **3 Ne.** 12:1. Ang mga elder ay nag-orden ng mga saserdote at guro sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, **Moro.** 3:1–4. Maghintay pa nang kaunting panahon, sapagkat ikaw ay hindi pa naordenan, **D at T** 5:17. Naorden si Joseph Smith na isang apostol ni Jesucristo, **D at T** 20:2 (D at T 27:12). Walang taong oordenan nang walang boto ng simbahan, **D at T** 20:65. Ito ay hindi ibibigay sa sinuman na mangaral ng aking ebanghelyo, mali-

ban sa siya ay inordenan ng isang may karapatan, **D at T** 42:11. Ang mga elder ng simbahan ay naordenan upang mangaral ng aking ebanghelyo, **D at T** 50:13–18. Ito ang tungkulin ng Labindalawa na mag-orden at ayusin ang lahat ng iba pang mga pinuno ng Simbahan, **D at T** 107:58. Aking hinangad ang mga pagpapala ng mga ama, sa karapatan kung saan ako ay nararapat maordenan, **Abr.** 1:2. Inordenan nina Joseph Smith at Oliver Cowdery ang isa't isa sa Pagkasaserdoteng Aaron, **JS–K** 1:68–72.

**ORDENANSA, MGA.** *Tingnan din sa* Buklod, Pagbubuklod; Kaligtasan; Kaligtasan para sa mga Patay; Talaangkanan; Templo, Bahay ng Panginoon

Mga banal na rituwal at seremonya. Ang mga ordenansa ay bumubuo ng mga gawa na may mga espirituwal na kahulugan. Ang mga ordenansa ay maaari ring mangahulugan ng mga batas at alituntunin ng Diyos.

Kabilang sa mga ordenansa sa Simbahan ang pangangasiwa sa maysakit (Sant. 5:14–15), pagbabasbas ng sakramento (D at T 20:77, 79), pagbibinyag sa pamamagitan ng paglubog (Mat. 3:16; D at T 20:72–74), pagbabasbas sa mga bata (D at T 20:70), paggagawad ng Espiritu Santo (D at T 20:68; 33:15), paggagawad ng pagkasaserdote (D at T 84:6–16; 107:41–52), mga ordenansa sa templo (D at T 124:39), at pagkakasal sa bago at walang hanggang tipan (D at T 132:19–20).

Ituturo mo sa kanila ang mga palatuntunan, at ang mga kautusan, **Ex.** 18:20. Magsilakad sa aking mga palatuntunan, at ganapin ang aking mga ordenansa, **Ez.** 11:20. Ang mga tao ay mahigpit sa pagpapatupad ng mga ordenansa ng Diyos, **Alma** 30:3. Ano ang kapakinabangan na aming sundin ang kanyang mga ordenansa? **3 Ne.** 24:13–14. Siya na nananalangin at nagsisisi ay tinatanggap kung sinusunod niya ang sa aking mga ordenansa, **D at T** 52:14–19. Ang sangkatauhan ay maaaring maligtas, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng ebanghelyo, **S ng P** 1:3.

*Ordenansang ginagawa alang-alang sa iba:* Isang panrelihiyong ordenansa na isinasagawa ng isang buhay na tao para sa kapakanan ng isang namatay na. Ang mga ordenansang ito ay magkakaroon lamang ng bisa kung ang mga yaong ginawan ng mga ordenansa ay tatanggapin iyon, sundin ang mga tipang kalakip nito, at mabuklod ng Banal na Espiritu ng Pangako. Ang gayong mga ordenansa ay isinasagawa ngayon sa loob ng templo.

Anong gagawin ng mga binibinyagan alang-alang sa mga patay, kung ang mga patay ay tunay na hindi muling binubuhay? **1 Cor.** 15:29. Ang mga pagbibinyag para sa patay ay isinasagawa sa mga templo, **D at T** 124:29–36. Ang mga kaluluwa sa daigdig ng mga espiritu ay tinuruan ng pagbibinyag na ginagawa alang-alang sa iba para sa kapatawaran ng mga kasalanan, **D at T** 138:29–34.

**OSEAS**

Isang propeta sa Lumang Tipan na nagpropesiya sa hilagang kaharian ng Israel sa mga huling araw ng paghahari ni Jeroboam II. Nabuhay siya sa panahon ng pagbagsak at pagkawasak ng bansa, ang bunga ng pagkakasala ng Israel.

*Ang aklat ni Oseas:* Ang pag-ibig ng Diyos sa kanyang mga tao ang pangunahing paksa ng aklat. Ipinapataw ang lahat ng kanyang mga pagpaparusa nang may pag-ibig, at ang panunumbalik ng Israel ay dahil sa kanyang pag-ibig (Os. 2:19; 14:4). Sa kabaliktaran, ipinakikita ni Oseas ang kataksilan ng Israel at kawalan ng paniniwala. Subalit hinihintay pa rin ng Diyos ang kahuli-hulihang pagtubos sa Israel (Os. 11:12–14:9).

**PAARALAN NG MGA PROPETA.** *Tingnan din sa* Smith, Joseph, Jr.

Sa Kirtland, Ohio (Estados Unidos ng Amerika), noong taglamig ng 1832–1833, nag-utos ang Panginoon kay Joseph Smith na magtatag ng isang

paaralan sa hangaring sanayin ang mga kapatid sa lahat ng bagay na nauukol sa ebanghelyo at kaharian ng Diyos. Sa paaralang ito nagbuhat ang maraming sinaunang pinuno ng Simbahan. Isa pang paaralan ng mga propeta o ng mga elder ay pinamunuan ni Parley P. Pratt sa Jackson County, Missouri (D at T 97:1–6). Nagkaroon kaagad ng ganoon ding paaralan matapos dumayo ang mga Banal sa Kanluran; gayunman, hindi ito ipinagpatuloy. Ang pagtuturong ebanghelyo ngayon ay ginagawa sa tahanan, sa mga korum ng pagkasaserdote, at sa iba't ibang mga samahang pantulong, at sa pamamagitan ng mga paaralan at klase sa seminaryo at institute sa Simbahan.

Pabanalin ang inyong sarili at turuan ninyo ang bawat isa ng mga doktrina ng kaharian, **D at T** 88:74–80. Masigasig na magsaliksik, at turuan ang bawat isa, **D at T** 88:118–122. Ang kaayusan ng paaralan ng mga propeta ay ipinahayag, **D at T** 88:127–141. Ang Unang Panguluhan ang may hawak ng mga susi sa paaralan ng mga propeta, **D at T** 90:6–7.

**PABLO.** *Tingnan din sa* Sulat ni Pablo, Mga

Isang Apostol sa Bagong Tipan. Ang pangalan sa Hebreo ni Pablo ay Saul, at nakilala siya sa pangalang yaon hanggang nagsimula siya ng kanyang pagmimisyon sa mga Gentil. Dati siyang nang-uusig sa Simbahan subalit siya ay nagbalik-loob sa katotohanan nito matapos niyang makita ang isang pangitain ni Jesucristo. Nagtungo si Pablo sa tatlong pangunahing pangmisyonerong paglalakbay at nagsulat ng maraming liham sa mga Banal. Labing-apat sa mga liham na ito ay bumubuo ng isang bahagi sa Bagong Tipan ngayon. Sa huli ay ibinilanggo siya sa Roma at pinatay, maaaring sa tagsibol ng A.D. 65.

Sumang-ayon sa pagbabato kay Esteban, **Gawa** 7:57–8:1. Pinag-usig ang mga Banal, **Gawa** 8:3. Naglalakbay patungong Damasco nang nagpakita sa kanya si Jesus, **Gawa** 9:1–9. Bininyagan ni Ananias, **Gawa** 9:10–18. Matapos umalis sa Arabia, ay bumalik sa Damasco upang mangaral, **Gawa** 9:19–25 (Gal. 1:17). Tatlong taon matapos ang kanyang pagbabalik-loob ay bumalik sa Jerusalem, **Gawa** 9:26–30 (Gal. 1:18–19). Pumunta sa tatlong pangmisyonerong paglalakbay, nangangaral ng ebanghelyo at nagtatatag ng mga sangay ng simbahan sa iba't ibang bahagi ng Imperyo ng Roma, **Gawa** 13:1–14:26; 15:36–18:22; 18:23–21:15. Nang bumalik siya sa Jerusalem pagkatapos ng kanyang pangatlong misyon, siya ay dinakip at dinala sa Cesarea, **Gawa** 21:7–23:35. Nanatiling bilanggo sa Cesarea sa loob ng dalawang taon, **Gawa** 24:1–26:32. Dinala sa Roma para sa paglilitis at dumanas ng pagkasira ng barko sa daan, **Gawa** 27:1–28:11.

**PAG-AALAY.** *Tingnan din sa* Ayuno, Pag-aayuno; Hain; Ikapu; Kapakanan; Limos, Paglilimos

Isang handog sa Panginoon. Malimit gamitin ang salita sa Lumang Tipan upang tukuyin ang mga hain o alay na susunugin. Ang Simbahan ngayon ay gumagamit ng mga handog ng pagaayuno at ng ilang kusang-handog na mga alay (kasama ang oras, talento, at pag-aari) upang tulungan ang mga maralita at para sa iba pang karapatdapat na layunin.

Ninakawan ninyo ako sa mga ikapu at sa mga handog, **Mal.** 3:8–10. Makipagkasundo ka muna sa iyong kapatid, at kung magkagayon ay magbalik ka at ihandog mo ang iyon hain, **Mat.** 5:23–24. Ialay ang inyong mga kaluluwa bilang handog kay Cristo, **Omni** 1:26. Kung ang tao ay mag-aalay ng handog nang walang tunay na layunin, ito ay walang kapakinabangan sa kanya, **Moro.** 7:6. Ang mga susi ng pagkasaserdote ay hindi na muling kukunin pa hanggang ang mga anak na lalaki ni Levi ay mag-alay muli ng handog sa Panginoon sa kabutihan, **D at T** 13:1. Dito, sa araw ng Panginoon, inyong iaalay ang inyong mga handog at in-

yong mga sakramento sa Kataas-taasan, **D at T** 59:12. Tayo bilang isang simbahan at mga tao ay maghain sa Panginoon ng isang handog sa kabutihan, **D at T** 128:24.

**PAG-AANI**

Minsan ginagamit ng mga banal na kasulatan ang salitang *pag-aani* ng patalinghaga upang tumukoy sa pagdadala ng mga tao patungo sa Simbahan, na siyang kaharian ng Diyos sa mundo, o sa panahon ng paghuhukom, katulad ng ikalawang pagparito ni Jesucristo.

Lumipas na ang tag-ani, natapos na ang tag-init, at hindi tayo naligtas, **Jer.** 8:20 (D at T 56:16). Marami ang aanihin, subalit kakaunti ang mga manggagawa, **Mat.** 9:37. Ang pag-aani ang katapusan ng daigdig, **Mat.** 13:39. Kung ano ang hinasik ng tao, iyon din ang kanyang aanihin, **Gal.** 6:7–9 (D at T 6:33). Ang bukid ay puti na upang anihin, **D at T** 4:4. Ang pag-aani ay nakaraan na at ang inyong mga kaluluwa ay hindi ligtas, **D at T** 45:2. Ang panahon ng pag-aani ay dumating na, at ang aking salita ay kailangang matupad, **D at T** 101:64.

**PAG-AASAWA NANG HIGIT SA ISA.** *Tingnan sa* Kasal, Pagpapakasal—Maramihang pagpapakasal

**PAG-AKYAT SA LANGIT.** *Tingnan din sa* Ikalawang Pagparito ni Jesucristo; Jesucristo

Ang pormal na paglisan ng Tagapagligtas sa lupa, apatnapung araw matapos ang kanyang pagkabuhay na mag-uli. Naganap ang pag-akyat sa langit mula sa isang dako sa Bundok ng mga Olibo sa harapan ng mga disipulo (Mar. 16:19; Lu. 24:51). Nang panahong yaon dalawang anghel mula sa langit ang nagpatotoo na magbabalik ang Panginoon sa hinaharap "sa gayon ding pamamaraan" (Gawa 1:9–12).

**PAG-ASA.** *Tingnan din sa* Pananampalataya

Ang tiwalang pag-asa ng at pananabik sa mga ipinangakong biyaya ng kabutihan. Madalas na bumabanggit ang mga banal na kasulatan ng tungkol sa pag-asa bilang paghihintay sa buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo.

Mapalad ang tao na ang pag-asa ay sa Panginoon, **Jer.** 17:7. Ang Panginoon ang magiging pag-asa ng kanyang mga tao, **Joel** 3:16. Sa pamamagitan ng pagtitiis at ng mga banal na kasulatan ay magkakaroon tayo ng pag-asa, **Rom.** 15:4. Isinilang tayo ng Diyos sa isang masiglang pag-asa sa pagkabuhay na mag-uli ni Cristo, **1 Ped.** 1:3. Ang bawat tao na may ganitong pag-asa ay dinadalisay ang kanyang sarili, **1 Juan** 3:2–3. Kinakailangan kayong magpatuloy sa paglakad, na may ganap na kaliwanagan ng pag-asa, **2 Ne.** 31:20. Tiyakin na kayo ay may pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa kapwa-tao, **Alma** 7:24 (1 Cor. 13:13; Moro. 10:20). Hinihiling ko sana na pakinggan ninyo ang aking mga salita, na may pag-asang tatanggapin ninyo ang buhay na walang hanggan, **Alma** 13:27–29. Kung mayroon kang pananampalataya, umaasa ka sa mga bagay na hindi nakikita, ngunit totoo, **Alma** 32:21 (Heb. 11:1). Dumarating ang pag-asa bunga ng pananampalataya at gumagawa ng isang daungan sa kaluluwa, **Eter** 12:4 (Heb. 6:17–19). Kailangang umasa ang tao o hindi siya maaaring makatanggap ng pamana, **Eter** 12:32. Nagsalita si Mormon hinggil sa pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa kapwa-tao, **Moro.** 7:1. Umasa kayo sa pagbabayad-sala ni Jesucristo na ibabangon sa buhay na walang hanggan, **Moro.** 7:40–43. Pinupuspos kayo ng Espiritu Santo ng pag-asa, **Moro.** 8:26 (Rom. 15:13). Lumisan sila sa buhay na ito, na matatag sa pag-asa sa isang maluwalhating pagkabuhay na mag-uli, **D at T** 138:14.

**PAG-IBIG.** *Tingnan sa* Pagkahahabag; Pagmamahal

**PAG-IBIG SA KAPWA-TAO.** *Tingnan din sa* Awa; Kapakanan; Paglilingkod; Pagmamahal

Ang dalisay na pag-ibig ni Cristo (Moro.

7:47); ang pag-ibig na taglay ni Cristo para sa mga anak ng tao at nararapat madama ng mga anak ng tao para sa isa't isa (2 Ne. 26:30; 33:7–9; Eter 12:33–34); ang pinakadakila, pinakamarangal, pinakamasidhing uri ng pag-ibig, hindi lamang pagkagiliw.

Ang kaalaman ay nakapagpapayabang, subalit ang pag-ibig ay nagbibigay ng magandang halimbawa, **1 Cor.** 8:1. Ang pag-ibig sa kapwa-tao, isang dalisay na pag-ibig, ay nangunguna at nakahihigit sa halos lahat ng bagay, **1 Cor.** 13. Ang layunin ng kautusan ay pag-ibig sa kapwa-tao na nagmumula sa isang malinis na puso, **1 Tim.** 1:5. Lakipan ang pagmamahal-kapatid ng pag-ibig sa kapwa-tao, **2 Ped.** 1:7. Ipinag-utos ng Panginoon na nararapat magkaroon ng pag-ibig sa kapwa ang lahat ng tao, **2 Ne.** 26:30 (Moro. 7:44–47). Tiyakin na kayo ay may pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa kapwa-tao, **Alma** 7:24. Ang pag-ibig na taglay ng Panginoon para sa tao ay dalisay na pag-ibig, **Eter** 12:33–34. Kung walang pag-ibig sa kapwa ang tao ay hindi nila mamamana ang lugar na yaon na inihanda sa mga palasyo ng Ama, **Eter** 12:34 (Moro. 10:20–21). Isinulat ni Moroni ang mga salita ni Mormon tungkol sa pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa kapwa-tao, **Moro.** 7. Pag-ibig sa kapwa ang magbibigay-daan sa tao upang maging karapat-dapat sa gawain ng Panginoon, **D at T** 4:5–6 (D at T 12:8). Damitan ang inyong sarili ng bigkis ng pag-ibig sa kapwa-tao, **D at T** 88:125. Punuin ang inyong sisidlan ng pag-ibig, **D at T** 121:45.

**PAG-IISIP, MGA.** *Tingnan din sa* Kalayaang Mamili; Pagbulay-bulay

Mga kuru-kuro, palagay (hinagap) at likhang-isip sa isipan ng isang tao. Ang kakayahang mag-isip ay isang kaloob mula sa Diyos, at malaya tayong makapamimili kung paano natin gagamitin ang ating kakayahang mag-isip. Nakaaapekto nang malaki sa ating mga ugali at gawi, gayon din sa ating katatayuan pagkaraan ng buhay na ito kung paano tayo mag-isip. Ang mabubuting pag-iisip ay humahantong sa kaligtasan; ang masasamang pag-iisip ay humahantong sa kapahamakan.

Nalalaman ng Panginoon ang lahat ng nilalaman ng isipan, **1 Cron.** 28:9. Kung ano ang iniisip niya sa kanyang puso, ay gayon siya, **Kaw.** 23:7. Ang aking mga pag-iisip ay hindi ninyo mga pag-iisip, **Is.** 55:7–9. Nalaman ni Jesus ang kanilang mga iniisip, **Mat.** 12:25 (Lu. 5:22; 6:8). Mula sa loob, mula sa puso ng mga tao, lumalabas ang masasamang pag-iisip, **Mar.** 7:20–23. Bihagin ang lahat ng pag-iisip sa pagtalima kay Cristo, **2 Cor.** 10:5. Anumang bagay na totoo, tapat, dalisay o kaibig-ibig, isipin ang mga bagay na ito, **Fil.** 4:8. Alalahanin, ang maging mahalay sa kaisipan ay kamatayan, at ang maging espirituwal sa kaisipan ay buhay na walang hanggan, **2 Ne.** 9:39. Kung hindi ninyo mababantayan ang inyong sarili, at ang inyong mga isipan, kayo ay tiyak na masasawi, **Mos.** 4:30. Ang ating mga pag-iisip ang hahatol sa atin, **Alma** 12:14. Diyos lamang ang nakaaalam ng mga saloobin at hangarin ng iyong puso, **D at T** 6:16 (D at T 33:1). Isaalang-alang ako sa bawat pag-iisip, **D at T** 6:36. Pahalagahan sa inyong mga isipan ang mga salita ng buhay, **D at T** 84:85. Itakwil ang inyong mga walang kabuluhang iniisip, **D at T** 88:69. Ibubunyag ang mga saloobin ng mga puso ng tao, **D at T** 88:109. Puspusin ng kabanalan ang iyong mga iniisip nang walang humpay, **D at T** 121:45. Nagpatuloy sa kasamaan ang bawat isipan ng tao, **Moi.** 8:22.

**PAG-INOM, LANGO.** *Tingnan sa* Salita ng Karunungan

**PAG-OORDEN SA PAGKASASERDOTE.** *Tingnan sa* Ordenan, Pag-oorden

**PAG-OORDEN SA SIMULA PA.** *Tingnan din sa* Buhay bago pa ang Buhay na Ito

Ang pag-oorden ng Diyos bago pa sa

buhay na ito ng kanyang magigiting na espiritung anak upang isakatuparan ang mahahalagang misyon sa panahon ng kanilang pamumuhay na mortal.

Inilagay ng Diyos ang mga hangganan ng mga tao, **Deut.** 32:8. Bago kita hinubog sa tiyan ay inorden kitang propeta, **Jer.** 1:5. Itinakda ng Diyos ang mga panahon bago naghirang, **Gawa** 17:26. Sa mga yaong kanyang nakikilala nang una pa, kanya ring itinalaga, **Rom.** 8:28–30. Pinili niya tayo sa kanya bago pa man ang pagkakatatag ng daigdig, **Ef.** 1:3–4. Inorden si Jesucristo bago pa ang buhay na ito na maging Manunubos, **1 Ped.** 1:19–20 (Apoc. 13:8). Tinawag sila at inihanda mula pa sa pagkakatatag ng daigdig, **Alma** 13:1–9. Nakita ko ang mga maharlika at dakila na pinili sa simula pa, **D at T** 138:55–56. Ang aking minamahal na Anak ay pinili mula pa sa simula, **Moi.** 4:2. Si Abraham ay pinili bago pa man siya isinilang, **Abr.** 3:23.

**PAGBABAGONG-ANYO.** *Tingnan din sa* Jesucristo; Susi ng Pagkasaserdote, Mga

Ang kalagayan ng mga tao na panandaliang nagbago sa kaanyuan at kalikasan—gayon nga, itinaas sa isang mataas na antas ng espirituwalidad—nang sa gayon magtagal sila sa harapan at kaluwalhatian ng mga makalangit na tao.

*Pagbabagong-anyo ni Cristo:* Nakita nina Pedro, Santiago, at Juan ang Panginoon na niluwalhati at nagbagong-anyo sa harapan nila. Bago pa man nangako ang Tagapagligtas na matatanggap ni Pedro ang mga susi ng kaharian ng langit (Mat. 16:13–19; 17:1–9; Mar. 9:2–10; Lu. 9:28–36; 2 Ped. 1:16–18). Sa mahalagang pangyayaring ito, ang Tagapagligtas, si Moises, at Elias (Elijah) ay ibinigay ang pangakong mga susi ng pagkasaserdote kina Pedro, Santiago, at Juan. Sa pamamagitan ng mga susi ng pagkasaserdote, may kapangyarihan ang mga Apostol na ipagpatuloy ang gawain ng kaharian pagkatapos ng pag-akyat sa langit ni Jesus.

Itinuro ni Joseph Smith na sa bundok ng pagbabagong-anyo, sina Pedro, Santiago, at Juan ay nagbagong-anyo rin. Nakakita sila ng isang pangitain na ukol sa mundo sa maluwalhati nitong kalagayan sa darating na panahon (D at T 63:20–21). Nakita nila sina Moises at Elijah, ang dalawang taong nagbagong-anyo, at narinig ang tinig ng Ama. Winika ng Ama, "Ito ang pinakamamahal kong Anak, na siya kong kinalulugdan; pakinggan ninyo siya" (Mat. 17:5).

*Mga taong nagbagong-anyo:* Nakita nila ang Diyos ng Israel, **Ex.** 24:9–11. Nagliwanag ang balat ng kanyang mukha habang siya ay nakikipag-usap sa Diyos, **Ex.** 34:29 (Mar. 9:2–3). Nagliwanag ang mukha ni Jesus, **Mat.** 17:2 (Mar. 9:2–3). Hindi makatitig nang matagal ang Israel sa mukha ni Moises dahil sa kaluwalhatian, **2 Cor.** 3:7. Ang mukha ni Abinadi ay nagliwanag nang may di pangkaraniwang pagkinang, **Mos.** 13:5–9. Pinaligiran sila ng sa wari ay apoy, **Hel.** 5:23, 36, 43–45 (3 Ne. 17:24; 19:14). Sila ay naging kasimputi ng anyo ni Jesus, **3 Ne.** 19:25. Tila bagang sa kanila ay mistulang isang pagbabagong-anyo, **3 Ne.** 28:15. Walang taong nakakita sa Diyos kailanman sa laman, maliban sa siya ay pinasigla ng Espiritu, **D at T** 67:10–12. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu nabuksan ang aming mga mata, **D at T** 76:12. Ang kaluwalhatian ng Diyos ay napasa kay Moises, **Moi.** 1:2. Ang kanyang kaluwalhatian ay napasaakin; at aking namasdan ang kanyang mukha, sapagkat ako ay nagbagong-anyo, **Moi.** 1:11. Aking namalas ang kalangitan na bumukas, at ako ay nabalot ng kaluwalhatian, **Moi.** 7:3–4.

**PAGBABALIK-LOOB, NAGBALIK-LOOB.** *Tingnan din sa* Disipulo; Isilang na Muli, Isinilang sa Diyos

Pagbabago ng isang tao ng kanyang paniniwala, nasasapuso, at buhay upang tanggapin at sundin ang kalooban ng Diyos (Gawa 3:19).

Kalakip ng pagbabalik-loob ang isang

kusang pagpapasiya na tatalikdan ng isang tao ang mga dating nakagawian at magbabago upang maging disipulo ni Cristo. Nalulubos ang pagbabalik-loob dahil sa pagsisisi, pagpapabinyag para sa kapatawaran ng mga kasalanan, pagtanggap sa Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, at patuloy na pananampalataya sa Panginoong Jesucristo. Ang isang likas na tao ay mababago sa isang bagong nilikha na pinabanal at dinalisay, isinilang na muli kay Cristo Jesus (2 Cor. 5:17; Mos. 3:19).

Kailangang magbalik-loob ang mga tao at maging tulad ng maliliit na bata, **Mat.** 18:3 (Mosias 3:19). Kapag ikaw ay nagbalik-loob, papagtibayin ang iyong mga kapatid, **Lu.** 22:32. Sila na masayang tumanggap ng kanyang salita ay bininyagan, **Gawa** 2:37–41. Papagbalik-loobin ang makasalanan mula sa kamalian ng lakad niya, **Sant.** 5:20. Nagbalik-loob si Enos, **Enos** 1:2–5. Nakagawa ng malaking pagbabago ang mga salita ni Haring Benjamin sa mga tao, **Mos.** 5:2 (Alma 5:12–14). Ang buong sangkatauhan ay kinakailangang isilang na muli, oo, isilang sa Diyos, **Mos.** 27:25. Nagbalik-loob si Alma at ang mga anak ni Mosias, **Mos.** 27:33–35. Nagbalik-loob ang ama ni Lamoni, **Alma** 22:15–18. Dahil sa kapangyarihan at salita ng Diyos, sila ay nagbalik-loob sa Panginoon, **Alma** 53:10. Ang pagsisisi ay nagdudulot ng pagbabago ng puso, **Hel.** 15:7. Kasindami ng nagbalik-loob ay tunay na nagpatotoo na sila ay dinalaw ng kapangyarihan at Espiritu ng Diyos, **3 Ne.** 7:21. Dahil sa kanilang pananampalataya kay Cristo sa panahon ng kanilang pagbabalik-loob, sila ay nabinyagan ng apoy at ng Espiritu Santo, **3 Ne.** 9:20. Sila ay hahayo at mangangaral ng pagsisisi, at marami ang magbabalik-loob, **D at T** 44:3–4.

**PAGBIBIGAY-KATWIRAN, PANGATWIRANAN.** *Tingnan din sa* Bayad-sala, Pagbabayad-sala; Pagpapabanal

Ang mapatawad mula sa kaparusahan sa kasalanan at maipahayag na walang sala. Ang isang tao ay nabibigyang-katwiran ng awa ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng pananampalataya sa kanya. Ang pananampalatayang ito ay ipinakikita sa pamamagitan ng pagsisisi at pagsunod sa mga batas at ordenansa ng ebanghelyo. Ang pagbabayad-sala ni Jesucristo ay nagbibigay sa tao ng pagkakataong magsisi at mabigyang-katwiran o mapatawad mula sa mga kaparusahang kanila sanang matatanggap.

Sa Panginoon ay bibigyang-katwiran ang buong Israel, **Is.** 45:25. Hindi ang mga tagapakinig ng kautusan ang siyang mga ganap kundi ang mga nagsisitalima sa batas, **Rom.** 2:13. Ang tao ay bibigyang-katwiran sa pamamagitan ng dugo ni Cristo, **Rom.** 5:1–2, 9. Kayo ay bibigyang-katwiran sa pangalan ng Panginoong Jesus, **1 Cor.** 6:11. Sa pagbibigay-katwiran sa atin sa pamamagitan ng kanyang biyaya, ay maging tagapagmana tayo, **Tit.** 3:7. Hindi ba si Abraham na ating ama ay binigyang-katwiran sa pamamagitan ng gawa? **Sant.** 2:21. Sa pamamagitan ng gawa ang tao ay mabibigyang-katwiran at hindi lamang sa pananampalataya, **Sant.** 2:14–26. Sa pamamagitan ng batas walang laman ang makapagmamatwid, **2 Ne.** 2:5. Mabibigyang-katwiran ng aking mabuting tagapaglingkod ang marami; sapagkat papasanin niya ang kanilang mga kasalanan, **Mos.** 14:11 (Is. 53:11). Masasabi ba ninyo na ang inyong mga kasuotan ay nalinis sa pamamagitan ni Cristo? **Alma** 5:27. Ang pagbibigay-katwiran sa pamamagitan ni Jesucristo ay totoo, **D at T** 20:30–31 (D at T 88:39). Sa pamamagitan ng Espiritu kayo ay bibigyang-katwiran, **Moi.** 6:60.

**PAGBIBINYAG, BINYAGAN.** *Tingnan din sa* Espiritu Santo; Isilang na Muli, Isinilang sa Diyos; Ordenansa, Mga; Pagbibinyag ng mga Sanggol

Mula sa isang salitang Griyego na nangangahulugang “ilublob” o “ilubog”. Ang pagbibinyag sa pamamagitan ng

paglubog sa tubig ng isang may karapatan ang panimulang ordenansa ng ebanghelyo at kinakailangan upang maging kasapi ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Pinangungunahan ito ng pananampalataya kay Jesucristo at ng pagsisisi. Ito ay kinakailangang masundan ng pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo upang malubos (2 Ne. 31:13–14). Ang pagbibinyag sa pamamagitan ng tubig at ng Espiritu ay kinakailangan bago makapasok ang isang tao sa kahariang selestiyal. Si Adan ang unang nabinyagan (Moi. 6:64–65). Bininyagan din si Jesus upang tuparin ang lahat ng kabutihan at upang ipakita ang daan sa buong sangkatauhan (Mat. 3:13–17; 2 Ne. 31:5–12).

Sapagkat hindi lahat sa mundo ay may pagkakataong matanggap ang ebanghelyo sa buhay na ito, binigyang-karapatan ng Panginoon na makapagsagawa ng mga pagbibinyag sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kinatawan para sa mga patay. Samakatwid, yaong mga tatanggap ng ebanghelyo sa daigdig ng mga espiritu ay maaaring maging karapat-dapat na makapasok sa kaharian ng Diyos.

*Kinakailangan:* Hayaan ito ngayon upang matupad ang lahat ng kabutihan, **Mat.** 3:15. Dumating si Jesus at bininyagan ni Juan, **Mar.** 1:9. Tinanggihan ng mga Fariseo at tagapagtanggol ang payo ng Diyos, sapagkat hindi mga nabinyagan, **Lu.** 7:30. Maliban na ang tao'y isilang sa tubig at sa Espiritu, hindi siya makapapasok sa kaharian ng Diyos, **Juan** 3:5. Magsisi at magpabinyag ang bawat isa sa inyo, **Gawa** 2:38. Inutusan niya ang lahat ng tao na kinakailangan silang magpabinyag sa kanyang pangalan, **2 Ne.** 9:23–24. Dapat sumunod ang tao kay Cristo, magpabinyag, tumanggap ng Espiritu Santo, at magtiis hanggang wakas upang maligtas, **2 Ne.** 31. Ang doktrina ni Cristo ay maniwala ang tao at magpabinyag, **3 Ne.** 11:20–40. Sila na hindi naniniwala sa inyong mga salita at hindi nabinyagan sa tubig sa aking pangalan ay mapapahamak, **D at T** 84:74. Ipinaliwanag ng Diyos kay Adan kung bakit kinakailangan ang pagsisisi at pagbibinyag, **Moi.** 6:52–60.

*Pagbibinyag sa pamamagitan ng paglubog:* Si Jesus, nang mabinyagan siya, pagdaka'y umahon mula sa tubig, **Mat.** 3:16 (Mar. 1:10). Doon ay nagbibinyag si Juan sapagkat maraming tubig doon, **Juan** 3:23. Si Felipe at ang bating ay lumusong sa tubig, **Gawa** 8:38. Tayo ay nalibing na kasama niya sa pamamagitan ng binyag, **Rom.** 6:4 (Col. 2:12). Sundan ang inyong Panginoon at inyong Tagapagligtas sa tubig, **2 Ne.** 31:13. Sina Alma, Helam, at iba pa ay nalibing sa tubig, **Mos.** 18:12–16. At pagkatapos inyo silang ilulubog sa tubig, **3 Ne.** 11:25–26. Ipinaliwanag ang wastong pamamaraan ng pagbibinyag, **D at T** 20:72–74. Sila ay bininyagan alinsunod sa pamamaraan ng kanyang libing, na nalibing sa tubig sa kanyang pangalan, **D at T** 76:50–51. Si Adan ay inilubog sa tubig, at iniahon mula sa tubig, **Moi.** 6:64. Ang pagbibinyag ay sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan, **S ng P** 1:4.

*Pagbibinyag para sa kapatawaran ng mga kasalanan:* Tumindig at magpabinyag, at hugasan ang inyong mga kasalanan, **Gawa** 22:16. Matapos ang pagbibinyag ay darating ang kapatawaran ng inyong mga kasalanan sa pamamagitan ng apoy at ng Espiritu Santo, **2 Ne.** 31:17. Halina at magpabinyag tungo sa pagsisisi upang kayo ay mahugasan mula sa inyong mga kasalanan, **Alma** 7:14. Pinagpala sila na maniniwala at mabibinyagan, sapagkat makatatanggap sila ng kapatawaran ng kanilang mga kasalanan, **3 Ne.** 12:1–2. Ipahayag ang pagsisisi at pananampalataya sa Tagapagligtas at kapatawaran sa mga kasalanan sa pamamagitan ng binyag, **D at T** 19:31. Naniniwala kami sa pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan, **S ng P** 1:4.

*Wastong karapatan:* Humayo kayo at turuan ang lahat ng bansa, nagbibinyag sa

pangalan ng Ama, ng Anak, at ng Espiritu Santo, **Mat.** 28:19 (D at T 68:8). Si Limhi at marami sa kanyang mga tao ay nagnais mabinyagan, subalit walang sinuman sa lupain ang may karapatan mula sa Diyos, **Mos.** 21:33. Binibigyan ko kayo ng kapangyarihan upang kayo ay makapagbinyag, **3 Ne.** 11:19–21. Hawak ng Pagkasaserdoteng Aaron ang mga susi ng pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan, **D at T** 13:1. Sila ang mga yaong inordenan ko upang magbinyag sa aking pangalan, **D at T** 18:29. Ibinigay ni Juan Bautista kina Joseph Smith at Oliver Cowdery ang karapatang magbinyag, **JS—K** 1:68–69.

*Mga hinihingi para sa pagbibinyag:* Magsisi kayo, at magpabinyag sa pangalan ng Sinisinta kong Anak, **2 Ne.** 31:11. Kayo ay kinakailangang magsisi at isilang na muli, **Alma** 7:14. Tiyaking kayo ay hindi nabinyagan nang hindi karapat-dapat, **Morm.** 9:29. Turuan ang mga magulang na sila ay kinakailangang magsisi at magpabinyag at magpakumbaba ng kanilang sarili, **Moro.** 8:10. Ang mga hinihingi para sa mga yaong nagnanais ng binyag ay ibinigay, **D at T** 20:37. Nararapat binyagan ang mga bata para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan pagsapit ng walong taong gulang, **D at T** 68:25, 27.

*Mga tipang ginawa sa pagbibinyag:* Kayo ay nakipagtipan sa kanya na inyong paglilingkuran siya at susundin ang kanyang mga kautusan, **Mos.** 18:8–10, 13. Yaong mga nagsisisi, nagtataglay ng pangalan ni Cristo, at nagtitikang paglilingkuran siya ay tatanggapin sa pamamagitan ng binyag, **D at T** 20:37.

*Pagbibinyag alang-alang sa mga patay:* Anong gagawin ng mga binibinyagan alang-alang sa mga patay, **1 Cor.** 15:29. Ang pagbibinyag alang-alang sa mga patay ay isinasagawa para sa kapatawaran ng mga kasalanan, **D at T** 124:29; 127:5–9; 128:1; 138:33.

*Pagbibinyag hindi para sa mga sanggol:* Isang malubhang pangungutya sa harapan ng Diyos na inyong binyagan ang mga bata, **Moro.** 8:4–23. Ang mga bata ay nararapat binyagan pagsapit ng walong taong gulang, **D at T** 68:27. Lahat ng batang namamatay bago sumapit ang gulang ng pananagutan ay ligtas sa kahariang selestiyal, **D at T** 137:10.

**PAGBIBINYAG NG MGA SANGGOL.** *Tingnan din sa* Bata, Mga Bata; Kaligtasan—Kaligtasan ng mga bata; Mananagot, Pananagutan, May Pananagutan; Pagbibinyag, Binyagan—Pagbibinyag hindi para sa mga sanggol

Ang hindi karapat-dapat na pagsasagawa ng pagbibinyag ng mga sanggol at mga bata na wala pa sa taon ng pananagutan, na walong taong gulang. Isinusumpa ng Panginoon ang pagbibinyag ng mga sanggol (Moro. 8:10–21). Isinilang ang mga bata nang walang malay at walang kasalanan. Walang kapangyarihan si Satanas na tuksuhin ang mga bata hanggang sa magsimula silang maging may pananagutan (D at T 29:46–47) kaya hindi na nila kinakailangang magsisi o mabinyagan. Kailangang binyagan ang mga bata sa gulang na walo (D at T 68:25–27).

**PAGBULAY-BULAY.** *Tingnan din sa* Panalangin; Paghahayag

Ang magmuni-muni at mag-isip nang malalim, kadalasan sa mga banal na kasulatan o iba pang bagay na tungkol sa Diyos. Kapag lakip ng panalangin, ang pagbubulay-bulay ng mga bagay ng Diyos ay maghahatid ng paghahayag at pang-unawa.

Pinagbulay-bulay ni Maria ang mga bagay na ito sa kanyang puso, **Lu.** 2:19. Habang nakaupo akong nagbubulay-bulay sa aking puso ako’y napasa-Espiritu, **1 Ne.** 11:1. Ang aking puso ay nagbubulay-bulay ng mga banal na kasulatan, **2 Ne.** 4:15. Si Nephi ay humayong nagbubulay-bulay sa mga bagay na ipinakita ng Panginoon, **Hel.** 10:2–3. Magsiuwi sa inyong mga tahanan at pagbulay-bulayin ang mga

bagay na aking sinabi, **3 Ne.** 17:3. Alalahanin kung gaano naging maawain ang Panginoon, at pagbulay-bulayin ang mga yaon sa inyong mga puso, **Moro.** 10:3. Pagbulay-bulayin ang mga bagay na iyong natamo, **D at T** 30:3. Habang kami ay nagbubulay-bulay sa mga bagay na ito, hinipo ng Panginoon ang mga mata ng aming pang-unawa, **D at T** 76:19. Ako'y umupo sa aking silid na nagbubulay-bulay sa mga banal na kasulatan, **D at T** 138:1–11. Paulit-ulit kong pinagmunimuni ito, **JS—K** 1:12.

**PAGDURUSA.** *Tingnan din sa* Makapagtiis; Parusa, Pagpaparusa; Tukso, Panunukso; Usigin, Pag-uusig

Sa pamamagitan ng pagdurusa—mga pagsubok, suliranin, at kasawian—ang tao ay maaaring magkaroon ng maraming karanasan na magbibigay-daan sa espirituwal na paglaki at walang hanggang pag-unlad sa pamamagitan ng pagbaling sa Panginoon.

Ang Diyos mismo ang nagligtas sa inyo mula sa lahat ng inyong pagdurusa at inyong paghihirap, **1 Sam.** 10:19. Nagsidaing sila sa Panginoon sa kanilang suliranin, **Awit** 107:6, 13, 19, 28. Bagaman binigyan kayo ng Panginoon ng tinapay ng pagdurusa, gayunman hindi makukubli ang inyong mga guro, **Is.** 30:20–21. Talagang kinakailangan na may pagsalungat sa lahat ng bagay, **2 Ne.** 2:11. Kung hindi nila kailanman natikman ang mapait ay hindi nila malalaman ang matamis, **D at T** 29:39. Ang iyong mga pagdurusa ay maikling sandali lamang, **D at T** 121:7–8. Lahat ng bagay na ito ay magbibigay sa iyo ng karanasan, at para sa iyong ikabubuti, **D at T** 122:5-8. Kanilang natikman ang pait, upang kanilang matutuhang pahalagahan ang mabuti, **Moi.** 6:55.

**PAGGALANG.** *Tingnan din sa* Karangalan; Takot

Taos na pagpipitagan para sa mga banal na bagay; kamangha-mangha.

Inutusan ng Panginoon si Moises na alisin ang kanyang panyapak, sapagkat ang kanyang kinatatayuan ay banal na lupa, **Ex.** 3:4–5. Isang Diyos na kinatatakutan at iginagalang, **Awit** 89:7. Makapaghahandog tayo nang may paggalang at katakutan ng paglilingkod na nakalulugod sa Diyos, **Heb.** 12:28. Iniyukod ni Moroni ang kanyang sarili sa lupa, at nanalangin nang mataimtim, **Alma** 46:13. Ang makapal na tao ay nagsiyukod sa lupa at sinamba si Cristo, **3 Ne.** 11:12–19. Luluhod sa harapan ko, **D at T** 5:24. Sa harapan ng luklukan ng Diyos ang lahat ng bagay ay yumuyukod sa pagpipitagan, **D at T** 76:93. Naging madilim ang inyong mga isipan sapagkat winalang-kabuluhan ninyo ang mga bagay na inyong tinanggap, **D at T** 84:54–57. Ang bawat tuhod ay luluhod at ang bawat dila ay magtatapat, **D at T** 88:104. Bilang paggalang o pagpitagan sa pangalan ng Pinakamakapangyarihang Lumikha, tinawag ng Simbahan ang pagkasaserdoteng yaon alinsunod kay Melquisedec, **D at T** 107:4. Ang mga pagpapala ay ibubuhos sa mga yaong nagpipitagan sa Panginoon sa kanyang bahay, **D at T** 109:21.

**PAGHAHAYAG.** *Tingnan din sa* Espiritu Santo; Ilaw, Liwanag ni Cristo; Inspirasyon; Panaginip; Pangitain; Propesiya, Pagpopropesiya; Salita ng Diyos; Tinig

Pakikipag-ugnayan ng Diyos sa kanyang mga anak sa lupa. Ang paghahayag ay maaaring manggaling sa pamamagitan ng Liwanag ni Cristo at ng Espiritu Santo sa pamamaraan ng inspirasyon, mga pangitain, panaginip, o pagdalaw ng mga anghel. Ang paghahayag ay nagbibigay ng patnubay na makaaakay sa matatapat sa kaligtasang walang hanggan sa kahariang selestiyal.

Ipinahahahayag ng Panginoon ang kanyang gawain sa kanyang mga propeta at pinagtitibay sa mga naniniwala na ang mga paghahayag sa mga propeta ay totoo (Amos 3:7). Sa pamamagitan ng paghahayag, ang Panginoon ay nagbibigay ng pamamatnubay sa bawat

tao na naghahangad nito at may pananampalataya, nagsisisi, at sumusunod sa ebanghelyo ni Jesucristo. "Ang Espiritu Santo ay isang tagahayag," wika ni Joseph Smith, at "walang sino mang maaaring tumanggap ng Espiritu Santo nang hindi nakatatanggap ng mga paghahayag."

Sa Simbahan ng Panginoon, ang Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol ay mga propeta, tagakita, at tagapaghayag sa Simbahan at sa sanlibutan. Ang Pangulo ng Simbahan ang siya lamang binigyan ng karapatan ng Panginoon na makatanggap ng paghahayag para sa Simbahan (D at T 28:2–7). Maaaring makatanggap ang bawat tao ng pansariling paghahayag para sa kanyang sariling kapakanan.

Sa bawat salitang namumutawi sa bibig ng Panginoon nabubuhay ang tao, **Deut.** 8:3 (Mat. 4:4; D at T 98:11). Nangungusap ang Panginoon sa isang marahang bulong na tinig, **1 Hari** 19:12. Kung saan walang pangitain, ang mga tao ay sumasama, **Kaw.** 29:18. Tunay na ang Panginoong Diyos ay walang gagawin, kundi kanyang ihahayag ang kanyang lihim sa kanyang mga lingkod na mga propeta, **Amos** 3:7. Pinagpala ka, Simon Bar-Jonas: sapagkat hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at ng dugo, kundi ng aking Ama, **Mat.** 16:15–19. Papatnubayan kayo ng Espiritu sa buong katotohanan at ipahahayag sa inyo ang mga bagay na magsisidating, **Juan** 16:13. Ngunit kung nagkukulang ng karunungan ang sinuman sa inyo, ay humingi sa Diyos, **Sant.** 1:5. Ipahahayag ang lahat ng bagay, **2 Ne.** 27:11. Magbibigay ako sa mga anak ng tao nang taludtod sa taludtod, **2 Ne.** 28:30. Walang lihim ang hindi ibubunyag, **2 Ne.** 30:17. Ipagbibigay-alam ng Espiritu Santo ang lahat ng bagay sa inyo, **2 Ne.** 32:5. Walang sinuman ang nakaaalam ng pamamaraan ng Diyos maliban kung ipahahayag ito sa kanya, **Jac.** 4:8. Nag-ayuno at nanalangin si Alma para sa paghahayag, **Alma** 5:46. Ihahayag sa matatapat ang mga bagay na kailanman ay hindi pa naipahahayag, **Alma** 26:22. Sila na nagtatatwa sa paghahayag ay hindi nalalaman ang ebanghelyo ni Jesucristo at hindi nauunawaan ang mga banal na kasulatan, **Morm.** 9:7–8. Wala kayong matatanggap na patunay hangga't hindi natatapos ang pagsubok sa inyong pananampalataya, **Eter** 12:6. Matutupad lahat ang aking salita, **D at T** 1:38. Hindi nga ba't ako ay nangusap ng kapayapaan sa iyong isipan hinggil sa bagay na ito? **D at T** 6:22–23. Sasabihin ko sa iyo sa iyong isipan at sa iyong puso, **D at T** 8:2–3. Kung ito ay tama aking papapangyarihin na ang iyong dibdib ay mag-alab, **D at T** 9:8. Huwag itatwa ang diwa ng paghahayag, **D at T** 11:25. Sila na hihingi ay makatatanggap ng higit pang paghahayag, **D at T** 42:61. Anuman ang kanilang sasabihin kapag pinakikilos ng Espiritu Santo ay magiging tinig ng Panginoon, **D at T** 68:4. Ang Diyos ay magbibigay sa iyo ng kaalaman, **D at T** 121:26. Nakita ni Joseph Smith ang Ama at ang Anak, **JS—K** 1:17. Naniniwala kami sa lahat ng ipinahayag ng Diyos at ipahahayag pa, **S ng P** 1:7, 9.

**PAGHAHAYAG NI JUAN.** *Tingnan din sa* Apocalipsis; Juan, Anak ni Zebedeo

Ang kahuli-hulihang aklat sa Bagong Tipan, na binubuo ng isang paghahayag na ibinigay sa Apostol na si Juan. Pinahintulutan siyang makita ang kasaysayan ng daigdig, lalo na ang mga huling araw (Apoc. 1:1–2; 1 Ne. 14:18–27; D at T 77). Ang Paghahayag ni Juan ay kilala rin bilang Apocalipsis.

Tinanggap ni Juan ang paghahayag na ito nang araw ng Panginoon sa pulo ng Patmos (Apoc. 1:9–10), mula sa baybay-dagat ng Asia, di kalayuan sa Efeso. Hindi alam ang tamang petsa ng paghahayag.

Mga susi sa pag-unawa sa aklat ay napapaloob sa 1 Nephi 14:18–27 at D at T 77 (Eter 4:15–16).

Ang mga kabanata 1–3 ay pambungad sa aklat at mga sulat para sa pitong simbahan sa Asia. Isinulat ni

Juan ang mga liham upang tulungan ang mga Banal na lutasin ang ilang mga suliranin. Natatala sa mga kabanata 4–5 ang mga pangitaing tinanggap ni Juan na nagpapakita ng pagkamaharlika at makatarungang kapangyarihan ng Diyos at ni Cristo. Sa mga kabanata 6–9, 11, itinala ni Juan ang nakita niyang isang aklat na tinatakan ng pitong tatak, na ang bawat tatak ay kumakatawan sa isanlibong taon na pansumandaling kasaysayan ng daigdig. Ang mga kabanatang ito ay may higit na kinalaman sa mga pangyayari na nasa ikapitong tatak (tingnan sa Apoc. 8–9, 11:1–15). Inilalarawan ng kabanata 10 ang aklat na kinain ni Juan. Sumasagisag ang aklat sa isang hinaharap na misyong kanyang gagawin. Natatala sa kabanata 12 ang isang pangitain ng kasamaan na nagsimula sa langit nang si Satanas ay maghimagsik at pinalayas. Ang nagsimulang digmaan doon ay patuloy na pinaglalabanan sa lupa. Sa mga kabanata 13, 17–19, inilarawan ni Juan ang masasamang kaharian sa mundo na pinamamahalaan ni Satanas at itinala ang kanilang kapalaran, kabilang ang huling pagkawasak ng kasamaan. Inilalarawan ng mga kabanata 14–16 ang kabutihan ng mga Banal sa gitna ng kasamaan bago sumapit ang ikalawang pagparito ni Cristo. Inilalarawan ng mga kabanata 20–22 ang Milenyo, ang magandang lunsod ng Bagong Jerusalem, at ang mga huling pangyayari sa kasaysayan ng mundo.

**PAGHIHIGANTI.** *Tingnan din sa* Makapagtiis

Ganti o pagbabalik-sulit dahil sa nagawang kapinsalaan o kasalanan.

Ang inyong Diyos ay paparitong may paghihiganti, **Is.** 35:4. Akin ang paghihiganti; ako ang gaganti, **Rom.** 12:19 (Morm. 3:15; 8:20). Ang espada ng paghihiganti ay nakaumang sa inyo, **Morm.** 8:40–41. Ako ay maghihiganti sa masasama, sapagkat ayaw nilang magsisi, **D at T** 29:17. Pumarito ang Tagapagligtas sa mga araw ng kasamaan at paghihiganti, **Moi.** 7:45–46.

**PAGHIHIMAGSIK.** *Tingnan din sa* Bumulung-bulong; Diyablo; Kasalanan; Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan

Lumalabag o lumalaban sa Panginoon, kabilang na ang pagtangging sumunod sa mga pinili niyang pinuno at sadyang di pagsunod sa kanyang mga kautusan.

Huwag kayong maghimagsik laban sa Panginoon, **Blg.** 14:9. Ang hinahanap ng masamang tao ay paghihimagsik, **Kaw.** 17:11. Sa aba sa mga mapanghimagsik na mga anak, **Is.** 30:1. Walang tinubos ang Panginoon na mga naghihimagsik laban sa kanya at namatay sa kanilang mga kasalanan, **Mos.** 15:26. Ang mga Amlicita ay lantarang naghimagsik laban sa Diyos, **Alma** 3:18–19. Ang mga mapanghimagsik ay babagabagin ng labis na pighati, **D at T** 1:3. Nagsisiklab ang galit ng Panginoon laban sa mga mapanghimagsik, **D at T** 56:1 (D at T 63:1–6). Naghimagsik si Satanas laban sa Diyos, **Moi.** 4:3.

**PAGHUHUKOM, ANG HULING.** *Tingnan din sa* Jesucristo—Hukom; Hatol, Paghatol; Kaparusahan, Parurusahan

Ang huling paghuhukom na mangyayari matapos ang pagkabuhay na maguli. Ang Diyos, sa pamamagitan ni Jesucristo, ay hahatulan ang bawat tao upang malaman ang walang hanggang kaluwalhatian na kanyang matatanggap. Ang paghuhukom na ito ay mababatay sa pagsunod ng bawat tao sa mga kautusan ng Diyos, kabilang ang kanyang pagtanggap sa pagbabayad-salang hain ni Jesucristo.

Ipinagkaloob ng Ama sa Anak ang buong paghatol, **Juan** 5:22. Tayong lahat ay tatayo sa harapan ng hukumang-luklukan ni Cristo, **Rom.** 14:10. Ang mga patay ay hinatulan ayon sa mga bagay na nasusulat, **Apoc.** 20:12 (D at T 128:6–7). Sapagkat sa lahat ng inyong gawain kayo ay dadalhin sa paghahatol, **1 Ne.** 10:20. Ang Labindalawang Apostol at ang labindalawang disipulong Nephita ang hahatol sa Israel,

**1 Ne.** 12:9 (D at T 29:12). Lahat ay haharap sa hukumang-luklukan ng Banal ng Israel, **2 Ne.** 9:15. Ihanda ang inyong mga kaluluwa para sa maluwalhating araw, **2 Ne.** 9:46. Naiisip ba ninyo ang inyong sarili sa harapan ng hukuman ng Diyos? **Alma** 5:17–25. Si Jesucristo ay tatayo upang hatulan ang sanlibutan, **3 Ne.** 27:16. Ang Panginoon ay bababa na may sumpa sa paghatol sa mga makasalanan, **D at T** 133:2.

**PAGKABIHAG.** *Tingnan din sa* Malaya, Kalayaan

Ang masadlak sa pisikal o espirituwal na pagkaalipin.

Nadala sa pagkabihag ang sambahayan ni Israel dahil sa kanilang kasamaan, **Ez.** 39:23. Siya na nagdadala sa pagkabihag ay mabibihag, **Apoc.** 13:10. Madadala ang masasama sa pagkabihag ng diyablo, **1 Ne.** 14:4, 7. Ang tao ay malayang makapipili ng kalayaan at buhay na walang hanggan o pagkabihag at kamatayan, **2 Ne.** 2:27. Ang kagustuhan ng laman ang nagbibigay sa espiritu ng diyablo ng kapangyarihang makabihag, **2 Ne.** 2:29. Napanatili ba ninyo nang husto sa inyong alaala ang pagkabihag ng inyong mga ama? **Alma** 5:5–6. Sila na magpapatigas ng kanilang mga puso ay kukuning bihag ng diyablo, **Alma** 12:11. Mag-ingat at laging manalangin, at baka kayo matukso ng diyablo, at maakay kayong palayo na mga bihag niya, **3 Ne.** 18:15.

**PAGKABUHAY NA MAG-ULI.** *Tingnan din sa* Bayad-sala, Pagbabayad-sala; Espiritu; Jesucristo; Kamatayan, Pisikal na; Katawan; Kawalang-kamatayan, Walang Kamatayan

Ang muling pagsasama ng katawang espiritu at ng katawang may laman at mga buto pagkaraan ng kamatayan. Matapos ang pagkabuhay na mag-uli, ang espiritu at katawan ay hindi na muling maghihiwalay kailanman, at ang tao ay magiging walang kamatayan. Lahat ng taong isinilang sa mundo ay mabubuhay na mag-uli sapagkat nagtagumpay si Jesucristo sa kamatayan (1 Cor. 15:20–22).

Si Jesucristo ang kauna-unahang tao na nabuhay na mag-uli sa mundong ito (Gawa 26:23; Col. 1:18; Apoc. 1:5). Ang Bagong Tipan ay nagbibigay ng sapat na katunayan na si Jesus ay bumangon kasama ang kanyang katawan: walang laman ang kanyang libingan, kumain siya ng isda at pulot-pukyutan, may katawan siyang may laman at mga buto, hinipo siya ng mga tao, at ang mga anghel ay nagwikang siya ay bumangon (Mar. 16:1–6; Lu. 24:1–12, 36–43; Juan 20:1–18). Ang paghahayag sa huling araw ay nagpapatunay ng katotohanan ng pagkabuhay na maguli ni Cristo at ng buong sangkatauhan (Alma 11:40–45; 40; 3 Ne. 11:1–17; D at T 76; Moi. 7:62).

Ang lahat ng tao ay hindi mabubuhay na mag-uli sa magkakatulad na kaluwalhatian (1 Cor. 15:39–42; D at T 76:89–98), ni ang lahat ay mabubuhay na mag-uli nang sabay-sabay (1 Cor. 15:22–23; Alma 40:8; D at T 76:64–65, 85). Maraming Banal ang nabuhay na mag-uli pagkatapos ni Cristo (Mat. 27:52). Ang mabubuti ay mauunang mabubuhay na mag-uli sa masasama at babangon sa unang pagkabuhay na mag-uli (1 Tes. 4:16); ang mga makasalanang di nagsisisi ay babangon sa huling pagkabuhay na mag-uli (Apoc. 20:5–13; D at T 76:85).

Pagkatapos na magibang ganito ang aking balat, gayon ma'y makikita ko ang Diyos sa aking laman, **Job** 19:26 (Moi. 5:10). Aking bubuksan ang inyong mga libingan, at aking ibabangon kayo, **Ez.** 37:12. Nabuksan ang mga libingan, at maraming katawan ang bumangon, **Mat.** 27:52–53 (3 Ne. 23:9). Nagbangon ang Panginoon, **Lu.** 24:34. Ang isang espiritu ay walang laman at mga buto, na gaya ng inyong nakikita na nasa akin, **Lu.** 24:39. Ako ang pagkabuhay na mag-uli at ang buhay, **Juan** 11:25. Itinuro ng Labindalawang Apostol na si Jesus ay bumangon, **Gawa** 1:21–22 (Gawa 2:32; 3:15; 4:33). Kay Cristo ang lahat ay bubuhayin, **1 Cor.** 15:1–22. Ang

nangamatay kay Cristo ay unang mabubuhay na mag-uli, **1 Tes.** 4:16. Mapalad at banal ang makasama sa unang pagkabuhay na mag-uli, **Apoc.** 20:6. Inialay ni Cristo ang kanyang buhay at binawi itong muli upang kanyang mapapangyari ang pagkabuhay na mag-uli ng mga patay, **2 Ne.** 2:8 (Mos. 13:35; 15:20; Alma 33:22; 40:3; Hel. 14:15). Kung walang pagkabuhay na mag-uli, mapapasailalim tayo ni Satanas, **2 Ne.** 9:6–9. Ang pagkabuhay na mag-uli ay magaganap sa lahat ng tao, **2 Ne.** 9:22. Itinuro ni Abinadi ang tungkol sa unang pagkabuhay na mag-uli, **Mos.** 15:21–26. Mananatili ang masasama na parang walang pagtubos, maliban sa pagkakalag ng mga gapos ng kamatayan, **Alma** 11:41–45. Ipinaliwanag ni Alma ang kalagayan ng mga kaluluwa sa pagitan ng kamatayan at pagkabuhay na mag-uli, **Alma** 40:6, 11–24. Sa pagparito ng Panginoon, ang mga patay na nangamatay kay Cristo ay magsisibangon, **D at T** 29:13 (D at T 45:45–46; 88:97–98; 133:56). Tatangisan ninyo lalung-lalo na sa mga yaong walang pag-asa sa isang maluwalhating pagkabuhay na mag-uli, **D at T** 42:45. Sila na hindi nakaaalam sa batas ay makababahagi sa unang pagkabuhay na mag-uli, **D at T** 45:54. Sila ay babangon mula sa patay, at hindi na mamamatay pagkatapos, **D at T** 63:49. Ang pagkabuhay na mag-uli mula sa mga patay ay pagkatubos ng kaluluwa, **D at T** 88:14–16. Ang espiritu at elemento, hindi mapaghihiwalay ang kaugnayan, ay tatanggap ng ganap na kagalakan, **D at T** 93:33. Mga anghel na nabuhay na mag-uli ay may katawang laman at mga buto, **D at T** 129:1. Anumang katalinuhan ang ating matamo sa buhay na ito ay kasama nating babangon sa pagkabuhay na mag-uli, **D at T** 130:18–19.

**PAGKADIYOS.** *Tingnan sa* Buhay na Walang Hanggan; Kadakilaan; Tao, Mga Tao—Tao, kakayahang maging katulad ng Ama sa Langit

**PAGKAHABAG.** *Tingnan din sa* Maawain, Awa; Pag-ibig sa Kapwa-tao; Pagmamahal

Sa mga banal na kasulatan, ang pagkahabag ay literal na nangangahulugang "pakikiramay". Nangangahulugan din ito ng pagpapakita ng pakikidalamhati, pakikipighati, at awa para sa ibang tao.

Tinawag ng Panginoon ang kanyang mga tao na magpakita ng pagkahabag, **Zac.** 7:8–10. Nahabag si Jesus, **Mat.** 9:36 (Mat 20:34; Mar. 1:41; Lu. 7:13). Isang Samaritano ang nahabag sa kanya, **Lu.** 10:33. Mahabag sa isa't isa, **1 Ped.** 3:8. Si Cristo ay puspos ng habag sa mga anak ng tao, **Mos.** 15:9. Ang aking sisidlan ay puspos ng habag sa inyo, **3 Ne.** 17:6. Nanalangin si Joseph Smith upang kahabagan ng Panginoon, **D at T** 121:3-5.

**PAGKAHULOG NINA ADAN AT EVA.** *Tingnan din sa* Adan; Bayad-sala, Pagbabayad-sala; Eva; Jesucristo; Kamatayan, Pisikal na; Kamatayan, Espirituwal na; Likas na Tao; Plano ng Pagtubos; Tiyak na Pagkamatay, May Kamatayan; Tubos, Tinubos, Pagtubos

Ang paraan kung saan ang sangkatauhan ay naging mortal sa mundong ito. Nang kainin nina Adan at Eva ang ipinagbabawal na bungang-kahoy, sila ay naging mortal, sa gayon, ay napasailalim sa kasalanan at kamatayan. Si Adan ang "unang tao" sa mundo (Moi. 3:7). Niliwanag ng paghahayag sa huling araw na ang Pagkahulog ay isang pagpapala at sina Adan at Eva ay dapat na purihin bilang unang magulang ng buong sangkatauhan.

Ang pagkahulog ay isang mahalagang hakbang sa pag-unlad ng tao. Dahil alam ng Diyos na magaganap ang pagkahulog, nagplano siya sa buhay bago pa ang buhay na ito ng isang Tagapagligtas. Dumating si Jesucristo sa kalagitnaan ng panahon upang magbayad-sala sa pagkahulog ni Adan at gayon din sa mga kasalanan ng bawat tao kung ang tao ay magsisisi.

Sa araw na ikaw ay kumain niyaon, ikaw ay tiyak na mamamatay, **Gen.** 2:17 (Moi. 3:17). Kinuha niya ang bungangkahoy na yaon, at kinain, **Gen.** 3:6 (Moi. 4:12). Kung paanong kay Adan ang lahat ay nangamatay gayon din naman kay Cristo ang lahat ay bubuhayin, **1 Cor.** 15:22. Ang buong sangkatauhan ay nasa ligaw at nahulog na kalagayan, **1 Ne.** 10:6. Ang daan ay inihanda mula pa nang mahulog ang tao, **2 Ne.** 2:4. Pagkatapos na sina Adan at Eva ay kumain ng ipinagbabawal na bungangkahoy, sila ay itinaboy palabas ng Halamanan ng Eden, **2 Ne.** 2:19. Si Adan ay nahulog upang ang tao ay maging gayon, **2 Ne.** 2:15–26. Ang likas na tao ay kaaway ng Diyos, at naging gayon mula sa pagkahulog ni Adan, **Mos.** 3:19. Tinuruan ni Aaron ang ama ni Lamoni ng tungkol sa pagkahulog, **Alma** 22:12–14. Kailangang magkaroon ng isang pagbabayad-sala o kung hindi ang buong sangkatauhan ay mahuhulog at maliligaw, **Alma** 34:9. Inihiwalay ang ating mga unang magulang kapwa temporal at espirituwal mula sa kinaroroonan ng Panginoon, **Alma** 42:2–15 (Hel. 14:16). Dahil sa pagkahulog, ang ating katauhan ay naging masama, **Eter** 3:2. Dahil sa paglabag sa mga batas na banal ang tao ay naging nahulog na tao, **D at T** 20:20 (D at T 29:34–44). Gaya ng iyong pagkahulog ikaw ay maaaring matubos, **Moi.** 5:9–12. Dahil sa paglabag ay sumapit ang Pagkahulog, **Moi.** 6:59. Ang mga tao ay parurusahan dahil sa kanilang sariling mga kasalanan, **S ng P** 1:2.

**PAGKAKAISA.** *Tingnan din sa* Diyos, Panguluhang Diyos

Maging isa sa isipan, naisin, at layunin una sa ating Ama sa Langit at kay Jesucristo, at pagkatapos sa ibang mga Banal.

Nakabubuti ito sa mga magkakapatid ang magsitahang magkakasama sa pagkakaisa, **Awit** 133:1. Ako at ang aking Ama ay isa, **Juan** 10:30 (D at T 50:43). Nanalangin si Jesus upang ang lahat ay maging isa na tulad niya at ng kanyang Ama na isa, **Juan** 17:11–23 (3 Ne. 19:23). Ipinamamanhik ko na huwag magkaroon ng mga pagkakahati sa kalipunan ninyo, kundi kayo'y maging ganap na magkasama-sama, **1 Cor.** 1:10. Magkaroon ng pagnanais na maging isang isipan at isang puso, nagkakaisa sa lahat ng bagay, **2 Ne.** 1:21. Ang mga Banal ay nararapat magkaroon ng pusong magkakasama sa pagkakaisa, **Mos.** 18:21. Nanalangin si Jesus para sa pagkakaisa ng kanyang mga disipulong Nephita, **3 Ne.** 19:23. Ang mga disipulo ay nagkaisa sa taimtim na panalangin at pagaayuno, **3 Ne.** 27:1. Ang Ama, Anak, at Espiritu Santo ay isa, **D at T** 20:27–28 (D at T 35:2; 50:43). Tungkulin mo na makiisa sa tunay na simbahan, **D at T** 23:7. Anuman ang inyong hihilingin nang may pananampalataya, na nagkakaisa sa panalangin, kayo ay makatatanggap, **D at T** 29:6. Kung hindi kayo isa kayo ay hindi sa akin, **D at T** 38:27. Tinawag ng Panginoon ang kanyang mga tao na Sion sapagkat sila ay may isang puso at isang isipan, **Moi.** 7:18.

**PAGKAKASALA.** *Tingnan din sa* Magsisi, Pagsisisi

Ang kalagayang nakagawa ng mali, o ang damdamin ng pagsisisi at kalungkutan na dapat kasama ng kasalanan.

Nagkasala siya at siya ay may pagkakasala, **Lev.** 6:1–6. Kung sinuman ang kakain ng sakramento nang hindi karapat-dapat ay nagkasala sa katawan at dugo ni Jesus, **1 Cor.** 11:27. Ang may kasalanan ay tumatanggap ng katotohanan nang may kahirapan, **1 Ne.** 16:2. Tayo ay magkakaroon ng ganap na kaalaman ng lahat ng ating pagkakasala, **2 Ne.** 9:14. Ang aking pagkakasala ay napalis, **Enos** 1:6. May kaparusahang nakaakibat na nagdadala ng taos na paggigiyagis sa budhi, **Alma** 42:18. Hayaang ang iyong mga kasalanan ang bumagabag sa iyo, na pangbabagabag na magdadala sa iyo sa pagsisisi, **Alma** 42:29. Ang ilan sa inyo ay may kasalanan sa harapan ko, subalit ako ay magiging maawain, **D at T** 38:14. Ang Anak ng Diyos ang

nagbayad-sala para sa kauna-unahang pagkakasala, **Moi.** 6:54.

**PAGKAKATAWAG AT PAGKAKAHIRANG.** *Tingnan din sa* Hinirang, Pagkakahirang

Ang mabubuting tagasunod ni Cristo ay maaaring mabilang sa mga pinili na nakatanggap ng katiyakan sa kadakilaan. Nagsisimula ang pagkakatawag at pagkakapiling ito sa pagsisisi at pagbibinyag. Nalulubos ito kapag sila ay "magpapatuloy, nagpapakabusog sa salita ni Cristo, at magtitiis hanggang wakas" (2 Ne. 31:19–20). Tinatawag ang hakbanging ito ng mga banal na kasulatan na pagtiyak sa ating pagkakatawag at pagkakahirang (2 Ped. 1:4–11; D at T 131:5–6).

Kayo ay magiging isang kaharian ng mga saserdote sa akin, **Ex.** 19:5–6 (Apoc. 1:6). Hinirang ng Diyos mula pa sa simula ang mga pinili para sa kaligtasan, **2 Tes.** 2:13. Maging masigasig upang makatiyak sa inyong pagkakatawag at pagkakahirang, **2 Ped.** 1:10. Ang Panginoon ay tatatakan kayong kanya, **Mos.** 5:15. Ako ay nakikipagtipan sa iyo na ikaw ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan, **Mos.** 26:20. Ang matatapat na may hawak ng pagkasaserdote ang magiging simbahan at kaharian at mga hinirang ng Diyos, **D at T** 84:33–34. Ang mas tiyak na salita ng propesiya ay nangangahulugan na malaman ng isang tao ay ibinuklod sa buhay na walang hanggan, **D at T** 131:5–6. Aking ibinubuklod sa iyo ang iyong kadakilaan, **D at T** 132:49.

**PAGKALAT NG ISRAEL.** *Tingnan sa* Israel—Ang pagkalat ng Israel

**PAGKAPANGANAY.** *Tingnan din sa* Panganay; Tipan

Karapatan sa mana ng panganay na anak na lalaki. Sa malawakang pangunawa, napapaloob sa pagkapanganay ang alinman o lahat ng karapatan o mana na isinasalin sa isang tao pagkasilang niya sa isang mag-anak at kalinangan.

Ipagbili mo sa akin sa araw na ito ang iyong pagkapanganay, **Gen.** 25:29–34 (Gen. 27:36). Ang panganay ay naupo alinsunod sa kanyang pagkapanganay, **Gen.** 43:33. Kanyang ipinagpauna si Ephraim bago si Manases, **Gen.** 48:14–20 (Jer. 31:9). Ang pagkapanganay ay kay Jose, **1 Cron.** 5:2. Ipinagbili ni Esau ang kanyang pagkapanganay, **Heb.** 12:16. Kayo ay mga karapat-dapat na tagapagmana, **D at T** 86:9. Ang Sion ay may karapatan sa pagkasaserdote sa pamamagitan ng angkan, **D at T** 113:8 (Abr. 2:9–11).

**PAGKASASERDOTE.** *Tingnan din sa* Kapangyarihan; Karapatan; Ordenan, Pag-oorden; Pagkasaserdoteng Aaron; Pagkasaserdoteng Melquisedec; Sumpa at Tipan ng Pagkasaserdote; Susi ng Pagkasaserdote, Mga

Ang karapatan at kapangyarihang ibinibigay ng Diyos sa tao upang kumilos sa lahat ng bagay para sa kaligtasan ng tao (D at T 50:26–27). Ang mga lalaking kasapi ng Simbahan na nagtataglay ng pagkasaserdote ay pinagsasama-sama sa mga korum at may karapatang magsagawa ng mga ordenansa at ilang mga pangangasiwang tungkulin sa Simbahan.

Ang pagpapahid sa kanila ay tunay na magiging tanda ng walang hanggang pagkasaserdote, **Ex.** 40:15 (Blg. 25:13). Akin kayong inorden, **Juan** 15:16. Kayo ay natatayong bahay na ukol sa espiritu, isang saserdoteng banal, **1 Ped.** 2:5. Kayo ay isang piling salinlahi, isang makaharing pagkasaserdote, **1 Ped.** 2:9 (Ex. 19:6). Ang mga lalaki ay tinatawag na matataas na saserdote dahil sa kanilang lubos na pananampalataya at mabubuting gawa, **Alma** 13:1–12. Ibinibigay ko sa iyo ang kapangyarihang magbinyag, **3 Ne.** 11:21. Magkakaroon kayo ng kapangyarihang ipagkaloob ang Banal na Espiritu, **Moro.** 2:2. Ipahahayag ko sa iyo ang Pagkasaserdote, sa pamamagitan ng kamay ni Elijah, **D at T** 2:1 (JS—K 1:38). Pinagtibay rin

ng Panginoon ang pagkasaserdote kay Aaron at sa kanyang mga binhi, **D at T** 84:18. Ang nakahihigit na pagkasaserdoteng ito ang nangangasiwa sa ebanghelyo, **D at T** 84:19. Kinuha niya si Moises sa kanila, at ang Banal na Pagkasaserdote, **D at T** 84:25. Ang sumpa at tipan ng pagkasaserdote ay inilarawan, **D at T** 84:33–42. Ang pagkasaserdote ay nagpapatuloy sa angkan ng inyong mga ama, **D at T** 86:8. Sa simbahan, ay may dalawang pagkasaserdote, **D at T** 107:1. Ang unang pagkasaserdote ay ang Banal na Pagkasaserdote, alinsunod sa Orden ng Anak ng Diyos, **D at T** 107:2–4. Ang mga karapatan ng pagkasaserdote ay may di mapaghihiwalay na kaugnayan sa mga kapangyarihan ng langit, **D at T** 121:36. Walang kapangyarihan o lakas na maaari o nararapat na panatilihin maliban sa kabanalan ng pagkasaserdote, **D at T** 121:41. Bawat matapat, karapat-dapat na lalaking kasapi ng Simbahan ay maaaring tumanggap ng pagkasaserdote, **D at T** OP—2. Naniniwala kami na ang tao ay kinakailangang tawagin ng Diyos, **S ng P** 1:5.

**PAGKASASERDOTE, MGA SUSI NG.** *Tingnan sa* Susi ng Pagkasaserdote, Mga

**PAGKASASERDOTENG AARON.** *Tingnan din sa* Aaron, Kapatid ni Moises; Batas ni Moises, Mga; Pagkasaserdote

Ang nakabababang pagkasaserdote (Heb. 7:11–12; D at T 107:13–14). Ang mga katungkulan dito ay obispo, saserdote, guro, at diyakono (D at T 84:30; 107:10, 14–15, 87–88). Noong unang panahon, sa ilalim ng mga batas ni Moises ay may matataas na saserdote, mga saserdote, at Levita. Ipinahayag ang Pagkasaserdoteng Aaron kay Moises sa dahilang naghimagsik ang mga sinaunang Israelita sa Diyos. Sila ay tumangging gawing banal at tanggapin ang Pagkasaserdoteng Melquisedec at ang mga ordenansa nito (D at T 84:23–25). Ang Pagkasaserdoteng Aaron ay may kinalaman sa mga temporal at panlabas na ordenansa ng batas at ng ebanghelyo (1 Cron. 23:27–32; D at T 84:26–27; 107:20). Hawak nito ang mga susi ng paglilingkod ng mga anghel, ng ebanghelyo ng pagsisisi, at ng pagbibinyag (D at T 13). Nanumbalik ang Pagkasaserdoteng Aaron sa mundo sa dispensasyong ito noong ika-15 ng Mayo, 1829. Iginawad ito ni Juan Bautista kina Joseph Smith at Oliver Cowdery sa pampang ng Ilog Susquehanna, na malapit sa Harmony, Pennsylvania (D at T 13; JS—K 1:68–73).

At magiging kanya ang tipan ng pagkasaserdoteng walang hanggan, **Blg.** 25:13. Padadalisayin ng Panginoon ang mga anak ni Levi, at lilinisin sila, **Mal.** 3:3 (3 Ne. 24:3). Walang sinuman ang makatatanggap ng karangalang ito sa kanyang sarili, **Heb.** 5:4. Ang kaganapan ay hindi darating sa pamamagitan ng Pagkasaserdoteng Levitikal, **Heb.** 7:11. Ang pagkasaserdoteng ito ay hindi kailanman kukunin sa mundo hanggang sa mag-alay ang mga anak ni Levi ng handog, **D at T** 13:1. Sina Joseph Smith at Oliver Cowdery ay inordenan sa Pagkasaserdoteng Aaron, **D at T** 27:8. Hawak ng nakabababang pagkasaserdote ang susi ng paglilingkod ng mga anghel, **D at T** 84:26 (D at T 13:1). May dalawang pagkasaserdote, alalaong baga'y ang Melquisedec at Aaron, **D at T** 107:1. Ang ikalawang pagkasaserdote ay tinatawag na Pagkasaserdoteng Aaron, **D at T** 107:13.

**PAGKASASERDOTENG MELQUISEDEC.** *Tingnan din sa* Elder; Melquisedec; Pagkasaserdote

Ang Pagkasaserdoteng Melquisedec ang nakatataas o mas dakilang pagkasaserdote; ang Pagkasaserdoteng Aaron ang nakabababang pagkasaserdote. Napapaloob sa Pagkasaserdoteng Melquisedec ang mga susi ng espirituwal na pagpapala ng Simbahan. Sa pamamagitan ng ordenansa ng nakatataas na pagkasaserdote, ang kapangyarihan ng kabanalan ay naipakikita sa tao (D at T 84:18–25; 107:18–21).

Unang ipinahayag ng Diyos ang nakatataas na pagkasaserdoteng ito kay Adan. Ang mga patriyarka at propeta sa lahat ng dispensasyon ay may kapangyarihang ito (D at T 84:6–17). Ito ay unang tinawag na Banal na Pagkasaserdote, alinsunod sa Orden ng Anak ng Diyos. Sa kalaunan, ito ay nakilala bilang Pagkasaserdoteng Melquisedec (D at T 107:2–4).

Nang ang mga anak ni Israel ay hindi namuhay ayon sa mga pribilehiyo at tipan ng Pagkasaserdoteng Melquisedec, kinuha ng Panginoon ang nakatataas na batas at binigyan sila ng isang nakabababang pagkasaserdote at isang nakabababang batas (D at T 84:23–26). Ang mga ito ay tinawag na Pagkasaserdoteng Aaron at mga batas ni Moises. Nang pumarito si Jesus sa mundo, pinanumbalik niya ang Pagkasaserdoteng Melquisedec sa mga Judio at nagsimulang itayo ang Simbahan sa kanila. Gayon pa man, ang pagkasaserdote at ang Simbahan ay muling nawala sa pamamagitan ng lubusang pagtalikod sa katotohanan. Di naglaon, ang mga yaon ay napanumbalik muli sa pamamagitan ni Joseph Smith, Jr. (D at T 27:12–13; 128:20; JS—K 1:73).

Sa Pagkasaserdoteng Melquisedec ay nabibilang ang mga katungkulang elder, mataas na saserdote, patriyarka, pitumpu, at Apostol (D at T 107). Ang Pagkasaserdoteng Melquisedec sa tuwina'y magiging bahagi ng kaharian ng Diyos sa mundo.

Ang Pangulo ng Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang pangulo ng mataas o Pagkasaserdoteng Melquisedec, at hawak niya ang lahat ng susing nauukol sa kaharian ng Diyos sa mundo. Sa bawat panahon isa lamang ang taong may hawak ng tungkulin ng pagka-Pangulo, at siya lamang ang tao sa mundo na may karapatang gumamit ng lahat ng susi ng pagkasaserdote (D at T 107:64–67; D at T 132:7).

Si Cristo ay saserdote magpakailanman alinsunod sa orden ni Melquisedec, **Awit** 110:4 (Heb. 5:6, 10; 7:11). Ang Pagkasaserdoteng Melquisedec ang namamahala sa ebanghelyo, **Heb.** 7 (D at T 84:18–25). Pinairal ni Melquisedec ang malakas na pananampalataya at natanggap niya ang tungkulin ng mataas na pagkasaserdote, **Alma** 13:18. Ang Pagkasaserdoteng Melquisedec ay iginawad kina Joseph Smith at Oliver Cowdery, **D at T** 27:12–13 (JS—K 1:72). Ang pagkasaserdoteng ito ay tinatanggap sa pamamagitan ng panunumpa at pakikipagtipan, **D at T** 84:33–42. May dalawang paghahati o dakilang mga ulo ang Melquisedec at ang Pagkasaserdoteng Aaron, **D at T** 107:6. Hawak ng Pagkasaserdoteng Melquisedec ang mga karapatang pamahalaan ang lahat ng espirituwal na pagpapala, **D at T** 107:8–18. Sina Moises, Elias, at Elijah ang nagbigay kina Joseph Smith at Oliver Cowdery ng mga susi ng pagkasaserdote, **D at T** 110:11–16. Aking ibinibigay sa inyo ngayon ang mga pamunuan ng pagkasaserdote, upang inyong mahawakan ang mga susi nito, **D at T** 124:123.

**PAGKAUNAWA.** *Tingnan din sa* Kaalaman; Karunungan; Katotohanan

Makatamo ng kaalaman o maunawaan ang kahulugan ng ilang katotohanan, kasama ang pagsasagawa nito sa buhay.

Huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan, **Kaw.** 3:5. Sa lahat mong kukunin kunin mo ang unawa, **Kaw.** 4:7. Nangusap si Jesus sa mga talinghaga at hindi naunawaan ng ilan, **Mat.** 13:12–17. Binuksan ng Panginoon ang kanilang pag-iisip, **Lu.** 24:45. Kung hindi ninyo naunawaan ang mga salitang ito, iyan ay dahil hindi kayo humihingi, **2 Ne.** 32:4 (3 Ne. 17:3). Pinangalagaan ang mga talaan upang ating mabasa at maunawaan, **Mos.** 1:2–5. Dahil sa kanilang kawalang-paniniwala, hindi nila naunawaan ang salita ng Diyos, **Mos.** 26:3. Sila'y mga lalaking may malinaw na pang-unawa, **Alma** 17:2–3. Nagsisimulang liwanagin ng salita ang aking pang-unawa, **Alma** 32:28. Tayo'y

mangatwiranan upang inyong maunawaan, **D at T** 50:10–12, 19–23. Dapat turuan ng mga magulang ang kanilang mga anak na makaunawa, **D at T** 68:25. Ang mga gawain at himala ng Diyos ay maaari lamang maunawaan sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, **D at T** 76:114–116. Hinahangad ni Satanas na ilayo ang puso ng mga tao sa pagkaunawa, **D at T** 78:10. Ang Liwanag ni Cristo ang nagpapabilis ng ating mga pang-unawa, **D at T** 88:11.

**PAGKAWALANG-GALANG.**
*Tingnan din sa* Lapastangan, Kalapastanganan

Kawalang-galang o pagsuway sa mga bagay na banal; lalo na, sa kawalang-pitagan sa pangalan ng Diyos.

Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Diyos sa walang kabuluhan, **Ex.** 20:7 (2 Ne. 26:32; Mos. 13:15; D at T 136:21). Bakit tayo lumalapastangan sa tipan ng ating mga magulang? **Mal.** 2:10. Ang bawat salitang walang kabuluhang sabihin ng mga tao, ay ipagsusulit nila sa araw ng paghuhukom, **Mat.** 12:34–37. Sa bibig din lumalabas ang papuri't pagla-it, na hindi nararapat na magkagayon, **Sant.** 3:10. Ang ating mga salita ang hahatol sa atin, **Alma** 12:14 (Mos. 4:30). Mag-ingat ang lahat ng tao sa paggamit ng aking pangalan sa kanilang bibig, **D at T** 63:61–62.

**PAGKILALA, KALOOB NA.** *Tingnan din sa* Kaloob ng Espiritu, Mga

Ang maunawaan o malaman ang isang bagay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu. Ang kaloob na pagkilala ay isa sa mga kaloob ng Espiritu. Napapaloob dito ang pagkilala sa tunay na pag-uugali ng mga tao at ang pinagmulan at kahulugan ng mga espirituwal na pagpapatunay.

Ang tao ay tumitingin sa panlabas na anyo, ngunit ang Panginoon ay tumitingin sa puso, **1 Sam.** 16:7. Sa aba nila na tinatawag na masama ang mabuti, **Is.** 5:20 (2 Ne. 15:20). Nakikilala ang mga bagay ng Diyos ayon sa espiritu, **1 Cor.** 2:14. Ibinibigay sa ilang tao ang kaloob na pagkilala sa mga espiritu, **1 Cor.** 12:10. Nahihiwatigan ni Ammon ang kanyang mga iniisip, **Alma** 18:18, 32. Tumimo ang tinig sa kanila na nakarinig, **3 Ne.** 11:3. Upang hindi kayo malinlang, hanapin ang pinakamahusay na kaloob, **D at T** 46:8, 23. Binigyan ng kapangyarihan ang mga pinuno ng Simbahan na makilala ang mga kaloob ng Espiritu, **D at T** 46:27. Yaong katawan na puno ng liwanag ay nakauunawa sa lahat ng bagay, **D at T** 88:67. Namalas ni Moises ang mundo, nawari ito sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos, **Moi.** 1:27.

**PAGKUPKOP.** *Tingnan din sa* Abraham—Ang binhi ni Abraham; Anak ni Cristo, Mga; Anak na Lalaki at Babae ng Diyos, Mga; Israel

Dalawang uri ng pagkupkop ang nababanggit sa mga banal na kasulatan.

(1) Ang isang tao na hindi kabilang sa lahi ng mga Israelita ay nagiging kasapi ng mag-anak ni Abraham at ng sambahayan ni Israel sa pamamagitan ng pagkakaroon ng pananampalataya kay Jesucristo, nagsisisi, pagpapabinyag sa pamamagitan ng paglubog, at pagtanggap sa Espiritu Santo (2 Ne. 31:17–18; D at T 84:73–74; Abr. 2:6, 11).

(2) Lahat ng nakatanggap ng mga makapagliligtas na ordenansa ng ebanghelyo ay nagiging mga anak na lalaki at babae ni Jesucristo sa pamamagitan ng patuloy na pagsunod sa kanyang mga kautusan (Rom. 8:15–17; Gal. 3:24–29; 4:5–7; Mos. 5:7–8).

**PAGLALAAN, BATAS NG PAGLALAAN.** *Tingnan din sa* Kaharian ng Diyos o Kaharian ng Langit; Nagkakaisang Orden

Pagtatalaga; gawing banal, o maging mabuti. Ang batas ng paglalaan ay isang banal na alituntunin kung saan kusang iniaalay ng mga kalalakihan at kababaihan ang kanilang panahon, talento, at yaman sa pagtatatag at pagtataguyod sa kaharian ng Diyos.

Italaga ninyo ang inyong sarili ngayon sa Panginoon, **Ex.** 32:29. Lahat ng naniwala ay may pagkakapantay-pantay sa lahat ng bagay, **Gawa** 2:44–45. Sila ay nagkaroon ng pagkakapantay-pantay sa lahat ng bagay; samakatwid, walang mayaman at maralita, **4 Ne.** 1:3. Ipinaliwanag ng Panginoon ang mga alituntunin ng paglalaan, **D at T** 42:30–39 (D at T 51:2–19; 58:35–36). Ang isang tao ay hindi nararapat na magmay-ari nang higit kaysa sa iba, **D at T** 49:20. Pinagkalooban ang bawat tao ng pantay na bahagi ayon sa kanyang mag-anak, **D at T** 51:3. Isang kaayusan ang itinatag upang magkaroon ang mga Banal ng pantay na pagkakabigkis sa mga bagay na nauukol sa langit at lupa, **D at T** 78:4–5. Kailangang magkaroon ang bawat tao ng pantay na pag-aari alinsunod sa kanyang mga kakulangan at pangangailangan, **D at T** 82:17–19. Maitatayo lamang ang Sion sa pamamagitan ng mga alituntunin ng batas na selestiyal, **D at T** 105:5. Ang mga tao ni Enoc ay isa sa puso at isip at namuhay sa kabutihan, at walang maralita sa kanila, **Moi.** 7:18.

**PAGLILINGKOD.** *Tingnan din sa* Kapakanan; Pagmamahal

Pagkalingang ibinibigay o gawaing isinagawa alang-alang sa Diyos at sa kapwa. Habang naglilingkod tayo sa kapwa, naglilingkod din tayo sa Diyos.

Piliin ninyo sa araw na ito kung sino ang inyong paglilingkuran, **Jos.** 24:15. Yamang inyong ginawa ito sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa, **Mat.** 25:35–45. Inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, na siya ninyong kainamang pagsamba, **Rom.** 12:1. Sa pamamagitan ng pag-ibig ay mangaglingkuran kayo, **Gal.** 5:13. Ang iyong mga araw ay iuukol sa paglilingkod sa iyong Diyos, **2 Ne.** 2:3. Kung kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos, **Mos.** 2:17. Sila na mga nag-aangkin ng lupang pangako ay dapat na maglingkod sa Diyos o malilipol, **Eter** 2:8–12. Yaong mga nahaharap sa paglilingkod sa Diyos ay dapat na maglingkod ng buo nilang puso, **D at T** 4:2. Nagbigay ang Panginoon ng mga kautusan na ang sangkatauhan ay nararapat na magmahal at maglingkod sa kanya, **D at T** 20:18–19. Sa pangalan ni Jesucristo paglilingkuran ninyo siya, **D at T** 59:5. Ako, ang Panginoon, ay nagagalak na parangalan yaong mga naglilingkod sa akin, **D at T** 76:5. Sambahin ang Diyos, sapagkat siya lamang ang iyong paglilingkuran, **Moi.** 1:15.

**PAGLUBOG.** *Tingnan sa* Pagbibinyag, Binyagan—Pagbibinyag sa pamamagitan ng paglubog

**PAGMAMAHAL.** *Tingnan din sa* Alitan; Pag-ibig sa Kapwa-tao

Malalim na pagmamalasakit at pagmamahal. Nasasaklaw ng pag-ibig sa Diyos ang pagmamalasakit, pagsamba, pitagan, pagkamagiliw, awa, pagpapatawad, pagkahabag, kaluwagang-loob, paglilingkod, pagtanaw ng utang na loob, kabaitan. Ang pinakadakilang halimbawa ng pag-ibig ng Diyos sa kanyang mga anak ay matatagpuan sa walang katapusang pagbabayad-sala ni Jesucristo.

Ibigin ninyo ang inyong kapwa na gaya ng sa inyong sarili, **Lev.** 19:18 (Mat. 5:43–44; 22:37–40; Rom. 13:9; Gal. 5:14; Sant. 2:8; Mos. 23:15; D at T 59:6). Iyong ibigin ang Panginoon mong Diyos ng iyong buong puso, **Deut.** 6:5 (Moro. 10:32; D at T 59:5). Sinusubok kayo ng Panginoon ninyong Diyos, upang malaman kung iniibig ninyo ang Panginoon ninyong Diyos, **Deut.** 13:3. Sinasaway ng Diyos ang kanyang iniibig, **Kaw.** 3:12. Ang kaibigan ay nagmamahal sa lahat ng panahon, **Kaw.** 17:17. Gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanlibutan, na ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak, **Juan** 3:16 (D at T 138:3). Kayo ay mag-ibigan sa isa't isa, na gaya ng pag-ibig ko sa inyo, **Juan** 13:34 (Juan 15:12, 17; Moi. 7:33). Kung ako'y inyong iniibig, ay sundin ninyo ang aking mga kautusan, **Juan** 14:15 (D at T 42:29). Walang may lalong da-

kilang pag-ibig kaysa rito, na ibigay ng isang tao ang kanyang buhay dahil sa kanyang mga kaibigan, **Juan** 15:13. Pedro, iniibig mo ba ako ng higit kaysa mga ito? Pakainin mo ang aking mga tupa, **Juan** 21:15–17. Walang maghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos na na kay Cristo, **Rom.** 8:35–39. Hindi nakita ng mata ang mga bagay na inihanda ng Diyos sa kanila na nagmamahal sa kanya, **1 Cor.** 2:9. Sa pamamagitan ng pag-ibig ay mangaglingkuran kayo, **Gal.** 5:13. Mga lalaki, ibigin ninyo ang inyo-inyong asawa, **Ef.** 5:25 (Col. 3:19). Huwag ninyong ibigin ang sanlibutan, **1 Juan** 2:15. Diyos ay pag-ibig, **1 Juan** 4:8. Tayo'y nagsisiibig sa kanya, sapagkat siya'y unang umibig sa atin, **1 Juan** 4:19. Magdurusa si Cristo dahil sa kanyang mapagkandiling pagmamahal sa mga tao, **1 Ne.** 19:9. Magpatuloy sa paglakad nang may pag-ibig sa Diyos at sa lahat ng tao, **2 Ne.** 31:20. Turuan ang inyong mga anak na mahalin ang isa't isa at paglingkuran ang isa't isa, **Mos.** 4:15. Kung inyo nang nadama ang umawit ng awit ng mapantubos na pag-ibig, nadarama ba ninyo ang gayon ngayon? **Alma** 5:26. Akayin ng Banal na Espiritu, magiging mapagtiis, puspos ng pag-ibig, **Alma** 13:28. Pigilin ang lahat ng iyong silakbo ng damdamin, upang mapuspos ka ng pagmamahal, **Alma** 38:12. Hindi nagkaroon ng alitan sa lupain, dahil sa pag-ibig sa Diyos na nananahan sa mga puso ng tao, **4 Ne.** 1:15. Lahat ng bagay na nag-aanyayang ibigin ang Diyos ay pinapatnubayan ng Diyos, **Moro.** 7:13–16. Ang pag-ibig sa kapwa-tao ay dalisay na pag-ibig ni Cristo, **Moro.** 7:47. Ang ganap na pag-ibig ay nagwawaksi ng lahat ng takot, **Moro.** 8:16 (1 Juan 4:18). Pag-ibig ang nagbibigay-karapatan sa tao na gumawa sa gawain ng Diyos, **D at T** 4:5 (D at T 12:8). Ang pagpapabanal ay dumarating sa lahat ng yaong nagmamahal at naglilingkod sa Diyos, **D at T** 20:31. Kung mahal ninyo ako, paglingkuran ako at sundin ang aking mga kautusan, **D at T** 42:29 (Juan 14:15). Magpakita ng ibayong pagmamahal sa mga yaong inyong tinama o pinagsabihan, **D at T** 121:43. Inibig ng mga tao si Satanas kaysa Diyos, **Moi.** 5:13, 18, 28.

**PAGMAMALAKI.** *Tingnan sa* Kapalaluan

**PAGMUNI-MUNI.** *Tingnan sa* Pagbulay-bulay

**PAGNANASA.** *Tingnan din sa* Mahalay, Kahalayan

Ang magkaroon ng masidhing pagnanais na hindi tama sa isang bagay.

Huwag mong pagnasaan ang kanyang kagandahan sa iyong puso, **Kaw.** 6:25. Datapwat ang bawat tumingin sa isang babae nang may pagnanasa ay nagkasala ng pakikiapid, **Mat.** 5:28 (3 Ne. 12:28). Ang mga tao ay nangagniningas sa kanilang pagnanasa sa isa't isa, **Rom.** 1:27. Magsisipagbunton sila sa kanilang sarili ng mga gurong ayon sa kanilang sariling masasamang nasa, **2 Tim.** 4:3–4. Nakita ni Laban ang aming mga ariarian at pinagnasaan niya ang mga iyon, **1 Ne.** 3:25. Huwag ng sundin ang pagnanasa ng iyong mata, **Alma** 39:3–4, 9. Siya na titingin sa isang babae upang magnasa ay magtatatwa sa pananampalataya, **D at T** 42:23. Tumigil sa lahat ng inyong mahahalay na pagnanasa, **D at T** 88:121.

**PAGPAPABANAL.** *Tingnan din sa* Bayad-sala, Pagbabayad-sala; Jesucristo; Pagbibigay-katwiran; Pangatwiranan

Ang pamamaraan ng pagiging malaya mula sa kasalanan, pagiging dalisay, malinis, at banal sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Jesucristo (Moi. 6:59–60).

Sa pagkakahirang sa inyo ng Diyos sa ikaliligtas sa pagpapabanal ng Espiritu, **2 Tes.** 2:13. Tayo'y ginawang banal sa pamamagitan ng pagkahandog ng katawan ni Jesus, **Heb.** 10:10. Nagdusa si Jesus upang gawing banal sa pamamagitan ng kanyang sariling dugo ang bayan, **Heb.** 13:12. Pinabanal ang matataas na saserdote at pinaputi ang kanilang mga kasuotan sa pamamagi-

tan ng dugo ng Kordero, **Alma** 13:10–12. Dumarating ang pagpapabanal sa kanila na ipinagkakaloob ang kanilang mga puso sa Diyos, **Hel.** 3:33–35. Magsisi upang kayo ay pabanalin sa pamamagitan ng pagtanggap ng Espiritu Santo, **3 Ne.** 27:20. Ang pagpapabanal sa pamamagitan ng biyaya ni Jesucristo ay makatarungan at totoo, **D at T** 20:31. Pumarito si Jesus upang pabanalin ang sanlibutan, **D at T** 76:41. Pabanalin ang inyong sarili upang ang inyong mga isipan ay maituon sa Diyos, **D at T** 88:68.

**PAGPAPAHID NG LANGIS.** *Tingnan din sa* Langis; Pangangasiwa sa Maysakit

Noong unang panahon, pinapahiran ng langis ng mga propeta ng Panginoon ang mga yaong may natatanging tungkuling gagampanan, tulad ni Aaron o ng mga saserdote o hari na mamamahala sa Israel. Sa Simbahan ngayon, ang pagpapahid ng langis ay pagpapatak ng isa o dalawang patak ng inilaang langis sa ulo ng isang tao bilang bahagi ng isang natatanging pagbabasbas. Magagawa lamang ito sa ilalim ng karapatan at kapangyarihan ng Pagkasaserdoteng Melquisedec. Pagkatapos ng pagpapahid ng langis, ang isang taong kumikilos sa ilalim ng karapatan ng yaon ding pagkasaserdote ang magbubuklod ng pagpapahid ng langis at nagbibigay ng natatanging pagbabasbas sa pinahiran.

Pahiran sila ng langis, at italaga sila upang makapaglingkod sila sa akin, **Ex.** 28:41 (Lev. 8:6–12, 30). Pahiran siya ng langis upang maging kapitan ng aking bayang Israel, **1 Sam.** 9:16; 10:1. Ang mga elder ang magpapahid ng langis at magbabasbas sa maysakit, **Sant.** 5:14–15 (D at T 42:44).

**PAGPAPAKO SA KRUS.** *Tingnan din sa* Bayad-sala, Pagbabayad-sala; Golgota; Jesucristo; Krus

Isang uri ng pagpaparusa ng kamatayan ng mga Romano, na pangkaraniwan na noong panahon ng Bagong Tipan, kung saan pinapatay ang isang tao sa pamamagitan ng pagtatali o pagpapako sa kanyang mga kamay at paa sa isang krus. Kadalasang ginagawa lamang ito sa mga alipin at pinakamababang uri ng mga salarin. Kalimitang hinahampas o nilalatigo muna bago ipako sa krus (Mar. 15:15). Ang taong ipapako sa krus ay kadalasang pinagpapasan muna ng sarili niyang krus sa lugar ng pagpaparusa (Juan 19:16–17). Kadalasang kinukuha ng mga kawal na nagpapatupad ng hatol ang kanyang mga damit (Mat. 27:35). Ang krus ay ibinabaon sa lupa nang sa gayon ang mga paa ng tao ay may isa o dalawang talampakan lamang ang taas mula sa lupa. Tinatanuran ng mga kawal ang krus hanggang sa mamatay ang tao, na kung minsan ay tumatagal ng tatlong araw (Juan 19:31–37).

Ipinako sa krus si Jesucristo dahil isang pangkat ng mga hindi naniniwala ang nagparatang ng panunulsol laban kay Cesar at kalapastanganan dahil sinabi niyang siya ang Anak ng Diyos. Isang batang kulay ube (Juan 19:2), isang putong na tinik, at iba pang pag-alipusta ang ginawa kay Jesus (Mat. 26:67; Mar. 14:65).

Bubutasan ng masasama ang mga kamay at paa ng Mesiyas, **Awit** 22:11–18. Si Cristo ay dadalhing gaya ng isang kordero sa katayan, **Is.** 53:7. Ibinadya ni Jesus ang pagpapako sa kanya sa krus, **Mat.** 20:18–19. Inilarawan ang pagkakapako sa krus ni Cristo, **Mat.** 27:22–50 (Mar. 15:22–37; Lu. 23:26–46; Juan 19:17–30). Nakita ni Nephi sa isang pangitain ang pagpapako sa krus sa Kordero ng Diyos, **1 Ne.** 11:33. Ipinahayag ni Nephi ang mga pagdurusa at pagkakapako ni Cristo sa krus, **1 Ne.** 19:9–14. Ipinahayag ni Jacob ang tungkol sa ministeryo at pagkakapako sa krus ng Banal ng Israel, **2 Ne.** 6:9. Mga unos, lindol, apoy, at buhawi sa Amerika ang nagpatunay sa pagkakapako sa krus ni Cristo sa Jerusalem, **3 Ne.** 8. Ako si Jesus na ipinako, **D at T** 45:51–52. Ang ministeryo ni Jesus sa mga espiritu sa bilangguan ay humahanggan sa panahong pumapagitan sa kanyang

kamatayan at pagkabuhay na mag-uli, **D at T** 138:27.

**PAGPAPALA, PAGPAPALAIN, PINAGPALA.** *Tingnan din sa* Batas; Biyaya; Pangangasiwa sa Maysakit; Patriyarkal na Pagbabasbas, Mga; Salamat, Nagpapasalamat, Pasasalamat

Paggawad ng banal na pagtataguyod sa isang tao. Anumang bagay na nakapagdudulot ng tunay na kaligayahan, ikabubuti, o pag-unlad ay isang pagpapala.

Nababatay ang lahat ng pagpapala sa mga walang hanggang batas (D at T 130:20–21). Sapagkat nais ng Diyos na makatagpo ng kagalakan sa buhay ang kanyang mga anak (2 Ne. 2:25), siya ay nagkakaloob ng mga pagpapala sa kanila na bunga ng pagsunod nila sa kanyang mga kautusan (D at T 82:10), bilang tugon sa panalangin o ordenansa ng pagkasaserdote (D at T 19:38; 107:65–67), o sa pamamagitan ng kanyang biyaya (2 Ne. 25:23).

Isang kilalang talaan ng mga pagpapahayag tungkol sa pagpapala ang mga Lubos na Pagpapala (Mat. 5:1–12; 3 Ne. 12:1–12).

*Pangkalahatan:* Gagawin kitang isang malaking bansa, at ikaw ay pagpapalain ko, **Gen.** 12:2–3 (1 Ne. 15:18; Abr. 2:9–11). Mga pagpapala ay nasa ulo ng matwid, **Kaw.** 10:6. Ang matapat na tao ay mananagana sa mga pagpapala, **Kaw.** 28:20. Bubuksan ng Panginoon ang mga durungawan sa langit at ibubuhos sa iyo ang isang pagpapala, **Mal.** 3:10 (3 Ne. 24:10). Nangangako ng mga pagpapala ang Lubos na Pagpapala, **Mat.** 5:1–12 (3 Ne. 12:1–12). Pinagpala sila na mga inanyayahan sa hapunan ng kasal ng Kordero, **Apoc.** 19:9. Siya na mabuti ay pinagpapala ng Diyos, **1 Ne.** 17:35 (Mos. 10:13). Kung makikinig kayo, igagawad ko sa inyo ang isang pagbabasbas, **2 Ne.** 1:28. Iniiwan ko sa inyo ang katulad na pagbabasbas, **2 Ne.** 4:9. Kaagad niya kayong pinagpapala, **Mos.** 2:24. Pinagpapala ng Panginoon at pinasasagana ang mga yaong nagbibigay ng kanilang tiwala sa kanya, **Hel.** 12:1. Tumulong na itatag ang aking gawain, at ikaw ay pagpapalain, **D at T** 6:9. Manalangin tuwina, at dakila ang inyong magiging pagpapala, **D at T** 19:38. Magpabinyag, at iyong tatanggapin ang aking Espiritu at isang dakilang pagpapala na kailanma'y hindi mo pa nalaman, **D at T** 39:10. Pagkatapos ng maraming kapighatian darating ang mga pagpapala, **D at T** 58:4. Ang mga tao ay hindi sumusunod; ako ay nagpapawalang-bisa at sila ay hindi nakatatanggap ng pagpapala, **D at T** 58:32. Hindi ninyo nauunawaan kung gaano kadakila ang mga pagpapalang inihanda ng Ama para sa inyo, **D at T** 78:17. Nagmumula sa mataas na pagkasaserdote ang pangangasiwa sa mga ordenansa at pagbabasbas sa simbahan, **D at T** 107:65–67. May isang batas kung saan ang lahat ng pagpapala ay ipinahahayag na totoo, **D at T** 130:20. Lahat ng magkakaroon ng pagpapala sa aking mga kamay ay susunod sa batas, **D at T** 132:5. Inilalaan ang mga pagpapala sa kanila na mga nagmamahal sa Panginoon, **D at T** 138:52. Hinangad ni Abraham ang mga pagbabasbas ng mga ama at ang karapatang mangasiwa sa gayon din, **Abr.** 1:2.

*Pagbabasbas sa mga bata:* Kinalong niya sila sa kanyang mga bisig at binasbasan sila, **Mar.** 10:16. Kinuha niya ang kanilang maliliit na anak, isa-isa, at binasbasan sila, **3 Ne.** 17:21. Ang mga elder ang magbabasbas sa mga bata sa pangalan ni Jesucristo, **D at T** 20:70.

**PAGPAPANUMBALIK NG EBANGHELYO.** *Tingnan din sa* Dispensasyon; Ebanghelyo; Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan; Smith, Joseph, Jr.

Pagtatatag muli ng Diyos ng mga katotohanan at ordenansa ng kanyang ebanghelyo sa gitna ng mga tao sa mundo. Nawala ang ebanghelyo ni Jesucristo sa mundo sa pamamagitan ng lubusang pagtalikod sa katotohanan na naganap kasunod ng pagmiministeryo ng mga Apostol ni Cristo sa lupa. Dahil sa lubusang pagtalikod na

yaon sa katotohanan kinailangang mapanumbalik ang ebanghelyo. Sa pamamagitan ng mga pangitain, paglilingkod ng mga anghel, at paghahayag sa tao sa ibabaw ng lupa, pinanumbalik ng Diyos ang ebanghelyo. Ang pagpapanumbalik ay nagsimula sa Propetang si Joseph Smith (JS—K 1:1–75; D at T 128:20–21) at patuloy sa ngayon sa pamamagitan ng mga gawa ng mga buhay na propeta ng Panginoon.

Ang bahay ng Panginoon ay matatayo sa taluktok ng mga bundok, **Is.** 2:2 (Mi. 4:2; 2 Ne. 12:2). Ang Diyos ay gagawa ng isang kagila-gilalas at kamanghamanghang gawain, **Is.** 29:14 (2 Ne. 25:17–18; D at T 4:1). Maglalagay ang Diyos ng isang kaharian, na hindi magigiba, kailanman, **Dan.** 2:44. Si Elias ay paparito, at isasauli ang lahat ng bagay, **Mat.** 17:11 (Mar. 9:12; D at T 77:14). Darating ang panahon ng pagsasauli sa dati ng lahat ng bagay, **Gawa** 3:21 (D at T 27:6). Sa dispensasyon ng kaganapan ng panahon, titipunin ng Diyos sa isa ang lahat ng bagay, **Ef.** 1:10. Nakita ko ang isa pang anghel, na may mabuting balita na walang hanggan upang ipangaral, **Apoc.** 14:6. Ang kabuuan ng ebanghelyo darating sa mga Gentil, **1 Ne.** 15:13–18. Maibabalik ang mga Judio sa tunay na simbahan, **2 Ne.** 9:2. Sa huling araw ay ipahahayag ang katotohanan, **3 Ne.** 16:7. Aking iginagawad ang Pagkasaserdote ni Aaron, **D at T** 13:1 (JS—K 1:69). Ipinagkatiwala ko ang mga susi ng kaharian para sa huling panahon, **D at T** 27:6, 13–14 (D at T 128:19–21). Magkakasamang tipunin ang mga lipi ni Israel at ibabalik ang lahat ng bagay, **D at T** 77:9. Iginawad ang mga susi ng dispensasyong ito, **D at T** 110:16 (D at T 65:2). Ibinigay ang pagkasaserdote sa kaganapan ng panahon, **D at T** 112:30. Nakakita ako ng dalawang Katauhan, **JS—K** 1:17. Ihahayag ko sa iyo ang Pagkasaserdote, sa pamamagitan ng kamay ni Elijah, **JS—K** 1:38 (Mal. 4:5–6).

**PAGPAPATIBAY.** *Tingnan sa* Kamay, Pagpapatong ng mga

**PAGPAPATONG NG MGA KAMAY.** *Tingnan sa* Kamay, Pagpapatong ng mga

**PAGPASLANG.** *Tingnan din sa* Cain; Mabigat na Kaparusahan

Ang pagkitil sa buhay ng isang tao nang labag sa batas at sinasadya. Ang pagpaslang ay isang kasalanang ipinagbabawal mula pa noong unang panahon (Gen. 4:1–12; Moi. 5:18–41).

Sinuman ang magbubo ng dugo ng tao ay mabububo rin ang kanyang dugo sa pamamagitan ng tao, **Gen.** 9:6 (PJS, Gen. 9:12–13; Ex. 21:12; Alma 34:12). Huwag kang papatay, **Ex.** 20:13 (Deut. 5:17; Mat. 5:21–22; Mos. 13:21; D at T 59:6). Sinabi ni Jesus, huwag kang papatay, **Mat.** 19:18. Ang mga mamamatay-tao ay may bahagi sa ikalawang kamatayan, **Apoc.** 21:8. Kayo ay mamamatay-tao sa inyong mga puso, **1 Ne.** 17:44. Sa aba sa mga mamamatay-tao na pumapatay nang sadya, **2 Ne.** 9:35. Ipinag-utos ng Diyos na huwag pumaslang ng tao, **2 Ne.** 26:32. Ang pagpaslang ay karumaldumal sa paningin ng Panginoon, **Alma** 39:5–6. Siya na pumatay ay hindi makatatamo ng kapatawaran, **D at T** 42:18. Sinuman ang papatay ay isusuko sa mga batas ng lupain, **D at T** 42:79.

**PAGPIGIL SA PAG-AANAK.** *Tingnan din sa* Kasal, Pagpapakasal; Mag-anak

Pagpipigil sa bilang ng mga anak ng mag-asawa sa pamamagitan ng pagtatakda o paghadlang sa paglilihi.

Magpalaanakin, at magpakarami, at kalatan ang mundo, **Gen.** 1:28 (Moi. 2:28). Ang mga anak ay mga pamana mula sa Panginoon, **Awit** 127:3–5. Ang maganak ni Lehi ay magkakaroon ng mga binhi para sa Panginoon, **1 Ne.** 7:1. Ang kasal ay inorden ng Diyos sa tao, **D at T** 49:15–17. Ang madadakila ay makatatanggap ng kaganapan at ng pagpapatuloy ng binhi magpakailanman at walang katapusan, **D at T** 132:19, 63.

**PAGPILI.** *Tingnan sa* Kalayaang Mamili; Mamili, Namili, Pumili

**PAGSAGISAG**

Ang gumamit ng isang bagay bilang isang kawangis o larawan ng ibang bagay. Sa mga banal na kasulatan, ang pagsagisag ay gumagamit ng isang kilalang bagay, pangyayari, o bagay-bagay upang sumagisag sa isang alituntunin o turo ng ebanghelyo. Halimbawa, ang propetang si Alma sa Aklat ni Mormon ay gumamit ng isang binhi upang sumagisag sa salita ng Diyos (Alma 32).

Ang mga propeta sa buong banal na kasulatan ay gumamit ng pagsagisag upang magturo ng tungkol kay Jesucristo. Kabilang sa ilang mga sagisag na ito ang mga seremonya at ordenansa (Moi. 6:63), hain (Heb. 9:11–15; Moi. 5:7–8), ang sakramento (Lu. 22:13–20; PJS, Mar. 14:20–24), at pagbibinyag (Rom. 6:1–6; D at T 128:12–13). Maraming pangalan sa Biblia ang makahulugan. Ang seremonya sa Lumang Tipan sa tabernakulo at sa mga batas ni Moises ay kumakatawan ng mga katotohanang walang hanggan (Heb. 8–10; Mos. 13:29–32; Alma 25:15; Hel. 8:14–15). Para sa iba pang mga halimbawa, tingnan sa Mateo 5:13–16; Juan 3:14–15; Jacob 4:5; Alma 37:38–45.

**PAGSAMBA.** *Tingnan din sa* Diyos, Panguluhang Diyos

Pag-ibig, paggalang, paglilingkod, at pamimintuho sa Diyos (D at T 20:19). Kasama sa pagsamba ang panalangin, pag-aayuno, paglilingkod sa simbahan, pakikibahagi sa mga ordenansa ng ebanghelyo, at iba pang gawain na nagpapakita ng pamimintuho at pag-ibig sa Diyos.

Huwag kang magkakaroon ng ibang diyos sa harapan ko, **Ex.** 20:3 (Ex. 32:1–8, 19–35; Awit 81:9). Sambahin ang Ama sa espiritu at sa katotohanan, **Juan** 4:23. Sambahin siya na gumawa ng langit at lupa, **Apoc.** 14:7 (D at T 133:38–39). Sambahin siya nang buo ninyong kapangyarihan, pag-iisip, at lakas, **2 Ne.** 25:29. Sila ay naniwala kay Cristo at sinamba ang Ama sa kanyang pangalan, **Jac.** 4:5. Itinuro ni Zenos na ang tao ay nararapat na manalangin at sumamba sa lahat ng dako, **Alma** 33:3–11. Sambahin ang Diyos saan mang lugar kayo naroroon, sa espiritu at sa katotohanan, **Alma** 34:38. Ang mga tao ay nagsiluhod sa paanan ni Jesus, at sinamba siya, **3 Ne.** 11:17. Lahat ng tao ay kinakailangang magsisi, maniwala kay Jesucristo, at sambahin ang Ama sa kanyang pangalan, **D at T** 20:29. Ibinibigay ko sa inyo ang mga salitang ito upang maunawaan ninyo at malaman kung paano sumamba, at malaman kung ano ang inyong sasambahin, **D at T** 93:19. Itong nag-iisang Diyos lamang ang aking sasambahin, **Moi.** 1:12–20. Inaangkin namin ang natatanging karapatang sambahin ang Pinakamakapangyarihang Diyos, **S ng P** 1:11.

**PAGSAMBA SA DIYUS-DIYUSAN**

Ang pagsamba sa mga diyus-diyusan o labis na pagmamahal at pamimintuho sa anumang bagay.

Huwag kang magkakaroon ng ibang diyos sa harapan ko, **Ex.** 20:3 (Mos. 12:35; 13:12–13). Kung lumalakad ka alinsunod sa ibang diyos, tiyak kang masasawi, **Deut.** 8:19. Ang katigasan ng ulo ay katulad ng kasamaan at pagsamba sa diyus-diyusan, **1 Sam.** 15:23. Natuklasan mo ang iyong sarili sa iba kaysa sa akin, **Is.** 57:8. Pinapupurihan mo ang mga diyos ng pilak at ginto, **Dan.** 5:23. Hindi mo maaaring paglingkuran ang Diyos at mammon, **Mat.** 6:24. Ang pag-iimbot ay pagsamba sa diyus-diyusan, **Col.** 3:5. Mga bata, humiwalay mula sa mga diyus-diyusan, **1 Juan** 5:21. Sa aba nila na sumasamba sa mga diyus-diyusan, **2 Ne.** 9:37. Ang pagsamba sa mga diyus-diyusan ng mga tao ni Nephi ang nagdala sa kanila ng kanilang mga digmaan at pagkalipol, **Alma** 50:21. Ang bawat tao ay lumalakad alinsunod sa larawan ng sarili niyang diyos, **D at T** 1:16. Gumawa sila sa pamamagitan ng kanilang sariling mga kamay nang hindi magkaroon ng pagsamba sa diyus-diyusan,

**D at T** 52:39. Naakay palayo ang ama ni Abraham sa pagsamba sa diyus-diyusan, **Abr.** 1:27.

**PAGSASABWATAN, MGA.** *Tingnan sa* Lihim na Pagsasabwatan, Mga

**PAGSASALIN NI JOSEPH SMITH (PJS).** *Tingnan din sa* Smith, Joseph, Jr.

Ang pagbabago o pagsasalin ng Salin ni Haring James ng Biblia sa Ingles, na sinimulan ng Propetang si Joseph Smith noong Hunyo 1830. Inutusan siya ng Diyos na gumawa ng pagsasalin at ipalagay ito na bahagi ng kanyang tungkulin bilang isang propeta.

Bagaman halos nabuo na ni Joseph ang pagsasalin noong Hulyo 1833, nagpatuloy siya hanggang sa kanyang pagkamatay noong 1844 upang gumawa ng kaunting pagsasaayos habang inihahanda ang manuskrito para sa paglalathala. Bagaman nailathala niya ang ilang bahagi ng pagsasalin sa panahon ng kanyang buong buhay, maaaring gumawa pa siya ng karagdagang pagbabago kung nabuhay pa siya upang ilathala ang buong gawain. Inilathala ng Muling Itinatag na Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang unang labas ng inspiradong pagsasalin ni Joseph Smith noong 1867. Naglathala sila mula sa panahong iyon ng ilang edisyon.

Natuto ng maraming bagay ang propeta sa panahon ng pagsasalin. Natanggap ang ilang bahagi ng Doktrina at mga Tipan dahil sa kanyang ginagawang pagsasalin (katulad ng D at T 76, 77, 91, at 132). Gayundin, binigyan ng Panginoon si Joseph ng mga tiyak na tagubilin hinggil sa pagsasalin, na naitala sa Doktrina at mga Tipan (D at T 37:1; 45:60–61; 76:15–18; 90:13; 91; 94:10; 104:58; 124:89). Ang aklat ni Moises at Joseph Smith—Mateo, na kasama ngayon sa Mahalagang Perlas, ay kinuha mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith.

Pinanumbalik ng Pagsasalin ni Joseph Smith ang ilan sa malilinaw at mahahalagang bagay na nawala mula sa Biblia (1 Ne. 13). Bagaman ito ay hindi opisyal na Biblia ng Simbahan, ito ay nagbibigay ng maraming kawili-wiling pag-unawa at napakahalaga sa pag-unawa ng Biblia. Ito rin ay isang saksi sa banal na katungkulan at paglilingkod ng Propetang si Joseph Smith.

**PAGSASALITA NANG MASAMA.** *Tingnan din sa* Alingawngaw; Pagsisinungaling; Kaguluhan; Tsismis

Pagsasalita ng mga bagay na mali, nakasasakit, at masama. Madalas sa banal na kasulatan ang gayong pagsasalita ay pinatutungkol sa isang tao na may hangaring makasakit.

Ingatan mo ang iyong dila mula sa masama, **Awit** 34:13 (1 Ped. 3:10). Humuhukay ang isang makasalanang tao ng masama, **Kaw.** 16:27. Pinagpala kayo kung ang mga tao ay magsasalita ng lahat ng uri ng masama laban sa inyo na hindi totoo, **Mat.** 5:11 (3 Ne. 12:11). Sa puso nanggagaling ang masasamang pag-iisip, **Mat.** 15:19 (Mar. 7:21). Huwag kang magsasalita ng masama sa pinuno, **Gawa** 23:5. Hayaang ang lahat ng masasamang pagsasalita ay maalis mula sa inyo, **Ef.** 4:31. Huwag magsalita nang masama sa isa't isa, **Sant.** 4:11. Tiyakin na walang paninirang puri, ni pagsasalita ng masama, **D at T** 20:54.

**PAGSASAULI, PAGPAPANUMBALIK.** *Tingnan din sa* Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo

Ang pagsasauli ng isang bagay o kalagayan na kinuha o nawala.

Magsasamang muli ang espiritu at katawan sa ganap na anyo nito, **Alma** 11:43–44. Ang panunumbalik ay ibalik na muli ang masama sa masama, mabuti sa mabuti, **Alma** 41:10–15. Naniniwala kami sa pagpapanumbalik ng Sampung Lipi at na ang mundo ay manunumbalik sa malaparaisong kaluwalhatian nito, **S ng P** 1:10 (D at T 133:23–24).

**PAGSISINUNGALING.** *Tingnan din sa* Mapanlinlang, Manlinlang, Panlilinlang; Matapat, Katapatan; Pagsasalita nang Masama

Anumang pagpapabatid ng kabulaanan o mali sa layuning makalinlang.

Huwag kayong magnanakaw, ni mandaya, ni magsinungaling, **Lev.** 19:11. Aking kinapopootan at kinasusuklaman ang pagsisinungaling, **Awit** 119:163. Ang mga sinungaling na labi ay karumal-dumal sa Panginoon, **Kaw.** 12:22. Sila'y aking mga tao na hindi magsisigawang magsinungaling, **Is.** 63:8. Ang diyablo ay isang sinungaling, at ama ng mga kasinungalingan, **Juan** 8:44 (2 Ne. 2:18; Eter 8:25; Moi. 4:4). Hindi ka nagsinungaling sa mga tao, kundi sa Diyos, **Gawa** 5:4 (Alma 12:3). Kung sinabi ng isang tao, Ako'y umiibig sa Diyos, at napopoot sa kanyang kapatid, ay isang sinungaling, **1 Juan** 4:20. Lahat ng sinungaling ay may bahagi sa ikalawang kamatayan, **Apoc.** 21:8 (D at T 63:17). Sa aba sa mga sinungaling, sapagkat sila ay itatapon sa impiyerno, **2 Ne.** 9:34. Maraming magtuturo ng maling doktrina, nagsasabing: magsinungaling nang kaunti at walang masama rito, **2 Ne.** 28:8–9 (D at T 10:25). Iniisip ba ninyong makapagsisinungaling kayo sa Diyos? **Alma** 5:17. Kayo ay Diyos ng katotohanan, at hindi maaaring magsinungaling, **Eter** 3:12 (Blg. 23:19; 1 Sam. 15:29; Tit. 1:2; Heb. 6:18; Enos 1:6). Siya na nagsisinungaling at hindi magsisisi ay ititiwalag, **D at T** 42:21. Mamanahin ng mga sinungaling ang telestiyal na kaluwalhatian, **D at T** 76:81, 103–106. Kami ay naniniwala sa pagiging matapat, **S ng P** 1:13.

**PAGSUMPA, ISUSUMPA.** *Tingnan sa* Kaparusahan, Parurusahan

**PAGSUNOD, MASUNURIN, SUMUNOD.** *Tingnan din sa* Batas; Kautusan ng Diyos, Mga; Lumakad, Lumakad na Kasama ng Diyos; Makinig; Pagpapala, Pagpapalain, Pinagpala

Sa espirituwal na kahulugan, ang pagsunod ay paggawa ng kalooban ng Diyos.

Ginawa ni Noe ang naaayon sa lahat ng ipinag-utos ng Diyos, **Gen.** 6:22. Sinunod ni Abraham ang Diyos, **Gen.** 22:15–18. Lahat ng sinabi ng Panginoon ay aming gagawin, **Ex.** 24:7. Dinggin, mo O Israel, at gawin ito, **Deut.** 6:1–3. Ibigin ang Panginoon at sundin ang kanyang tinig, **Deut.** 30:20. Ang pagsunod ay maigi kaysa hain, **1 Sam.** 15:22. Matakot sa Diyos, at tumupad sa kanyang mga utos, **Ec.** 12:13–14. Hindi lahat ay makapapasok sa kaharian ng langit, ngunit yaong gumagawa ng kalooban ng Ama, **Mat.** 7:21 (3 Ne. 14:21). Kung ang sinumang tao ay gagawa ng kanyang kalooban, kanyang malalaman kung ang doktrina ay sa Diyos, **Juan** 7:17. Dapat muna kaming magsitalima sa Diyos bago sa tao, **Gawa** 5:29. Mga anak, sundin ang inyong mga magulang, **Ef.** 6:1 (Col. 3:20). Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon, **1 Ne.** 3:7. Sinunod ko ang tinig ng Espiritu, **1 Ne.** 4:6–18. Kung ang mga anak ng tao ay susunod sa mga kautusan ng Diyos kanya silang pangangalagaan, **1 Ne.** 17:3. Mag-ingat at baka masunod ninyo ang masamang espiritu, **Mos.** 2:32–33, 37 (D at T 29:45). Aanihin ng mga tao ang kanilang gantimpala alinsunod sa espiritung kanilang sinusunod, **Alma** 3:26–27. Nararapat gawin ng mga tao ang maraming bagay sa kanilang sariling kalooban, **D at T** 58:26–29. Walang sinuman ang makasasakit ng damdamin ng Diyos, maliban sa mga yaong hindi kumikilala ng kanyang gawain at hindi sumusunod sa kanyang mga kautusan, **D at T** 59:21. Ako ang Panginoon ay nakatali kapag ginawa ninyo ang aking sinasabi, **D at T** 82:10. Bawat kaluluwang susunod sa aking tinig ay makikita ang aking mukha at malalaman na ako nga, **D at T** 93:1. Ang tao ay kailangang parusahan hanggang sa kanilang matutuhan ang pagsunod, **D at T** 105:6. Kapag tayo'y nakatatamo ng anumang pagpapala mula sa

Diyos, ito'y sa pamamagitan ng pagsunod sa batas kung saan ito ay nakaakibat, **D at T** 130:21. Si Adan ay masunurin, **Moi.** 5:5. Susubukin natin sila upang makita kung gagawin nila ang lahat ang anumang ipag-uutos ng Panginoon, **Abr.** 3:25.

**PAGTANAW NG UTANG NA LOOB.** *Tingnan sa* Salamat, Nagpapasalamat, Pasasalamat

**PAGTATADHANA.** *Tingnan sa* Pag-oorden sa Simula Pa

**PAGTATAGUYOD SA MGA PINUNO NG SIMBAHAN.** *Tingnan din sa* Pangkalahatang Pagsang-ayon

Mangakong itaguyod sila na mga naglilingkod sa pangkalahatan at lokal na mga tungkuling pangpinuno ng Simbahan.

Iharap mo si Josue sa lahat ng kapisanan, at pagbilinan mo siya sa kanilang paningin, **Blg.** 27:18–19. Ang buong bayan ay sumigaw, at nagsabi, Mabuhay ang hari, **1 Sam.** 10:24. Sumampalataya kayo sa kanyang mga propeta, sa gayo'y giginhawa kayo, **2 Cron.** 20:20. Magsitalima kayo sa namumuno sa inyo, **Heb.** 13:17. Ikaw ay kakasihan ng Panginoon, sapagkat ikaw ay hindi bumubulung-bulong, **1 Ne.** 3:6. Sila na mga tumanggap sa mga propeta ay pinatawad, **3 Ne.** 10:12–13. Tumalima sa mga salita ng labindalawang ito, **3 Ne.** 12:1. Sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa, **D at T** 1:38. Ang kanyang salita ay inyong tatanggapin, na parang mula sa sarili kong bibig, **D at T** 21:5. Siya na tumatanggap sa aking mga tagapaglingkod, ay tumatanggap sa akin, **D at T** 84:35–38. Ang sinumang tumatanggap sa akin, tumatanggap sa yaong aking isinugo, **D at T** 112:20. Kung ang aking mga tao'y hindi makikinig sa tinig ng mga taong ito na aking itinalaga, sila ay hindi pagpapalain, **D at T** 124:45–46.

**PAGTATALAGA.** *Tingnan din sa* Kamay, Pagpapatong ng mga; Tawag, Tinawag ng Diyos, Pagkakatawag

Ang mapili at ilaan para sa mga banal na layunin. Ang pagkahirang na ito ay para sa natatanging paglilingkod sa loob ng samahan sa Simbahan sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay nang sinumang may tamang karapatan. Sila lamang na namumuno sa mga korum ng pagkasaserdote ang nakatatanggap ng mga susi kapag sila ay itinatalaga. Ang mga taong itinatalaga sa mga tungkulin bukod sa pangulo ng mga korum ng pagkasaserdote ay maaaring makatanggap ng pagbabasbas ng pagkasaserdote, subalit hindi ibinibigay ang mga susi sa pagbabasbas na iyon.

Ibukod ninyo sa akin si Bernabe at si Saul para sa gawain, **Gawa** 13:2–3. Iba pang mga obispo ang itatalaga, **D at T** 68:14. Ang obispo, isang pangkalahatang hukom, ay itatalaga sa ministeryong ito, **D at T** 107:14, 74. Ang tao ay kinakailangang tawagin ng Diyos sa pamamagitan ng propesiya at ng pagpapatong ng mga kamay, **S ng P** 1:5.

**PAGTATALO.** *Tingnan sa* Kaguluhan

**PAGTATAPAT, MAGTAPAT.** *Tingnan din sa* Magpatawad; Magsisi, Pagsisisi

Ginagamit ang salitang *pagtatapat* sa mga banal na kasulatan sa dalawang pamamaraan. Sa isang dako, ang magtapat ay pagpapahayag ng isang tao ng kanyang pananampalataya sa isang bagay, tulad ng pagtatapat na si Jesus ang Cristo (Mat. 10:32; Rom. 10:9; 1 Juan 4:1–3; D at T 88:104).

Sa isa pang dako, ang magtapat ay pag-amin ng pagkakasala ng isang tao, tulad ng pagtatapat ng mga kasalanan. Tungkulin ng lahat ng taong ipagtapat ang lahat ng kanilang mga kasalanan sa Panginoon at matanggap ang kanyang pagpapatawad (D at T 58:42–43). Kapag kinakailangan, nararapat ipagtapat ang mga kasalanan sa tao o sa mga taong

nagawan ng kasalanan. Nararapat ipagtapat ang mabibigat na kasalanan sa isang pinuno ng Simbahan (sa maraming pagkakataon, sa mga obispo).

Ipagtatapat niya na siya'y nagkasala, **Lev.** 5:5. Kanilang ipagtatapat ang kanilang kasamaan, **Lev.** 26:40–42. Luwalhatiin ang Panginoong Diyos ng Israel, at magtapat sa kanya, **Jos.** 7:19. Bininyagan niya ang mga tao sa Jordan, na nagtatapat ng kanilang mga kasalanan, **Mar.** 3:5–6. Ang nagkasala na nagtatapat ng kanyang mga kasalanan ay patatawarin, **Mos.** 26:29. Ipagtapat ang inyong mga kasalanan, kung hindi ay daranasin mo ang mga kaparusahan, **D at T** 19:20. Ang nagsisisi ay nagtatapat at tinatalikdan ang kanilang mga kasalanan, **D at T** 58:43. Ang Panginoon ay maawain sa yaong mga nagtatapat ng mga kasalanan nang may mapagkumbabang puso, **D at T** 61:2. Ang Panginoon ay nagpapatawad ng mga kasalanan ng mga yaong nagtatapat at humihingi ng kapatawaran, **D at T** 64:7.

**PAGTITIPON NG ISRAEL.** *Tingnan sa* Israel—Ang pagtitipon ng Israel

**PAGTITIWALA.** *Tingnan din sa* Pananampalataya; Paniniwala, Maniwala

Umasa o ilagay ang pagtitiwala sa isang tao o isang bagay. Sa mga bagay na espirituwal, kasama ng pagtitiwala ang umasa sa Diyos at sa kanyang Espiritu.

Bagamat ako'y patayin niya, magtitiwala pa rin ako sa kanya, **Job** 13:15. Higit na mabuting magtiwala sa Panginoon kaysa sa maglagay ng tiwala sa tao, **Awit** 118:8. Ang Panginoon ang iyong magiging pagtitiwala, **Kaw.** 3:5. Iniligtas ng Diyos ang kanyang mga tagapaglingkod na nagtiwala sa kanya, **Dan.** 3:19–28. Ang Panginoon ang iyong magiging tiwala, **Kaw.** 3:26. Kapag pumarito si Cristo, tayo'y magkakaroon ng tiwala, **1 Juan** 2:28. Ako ay magtitiwala sa inyo magpakailanman, **2 Ne.** 4:34. Nawala sa masasamang Nephita ang tiwala ng kanilang mga anak, **Jac.** 2:35. Magsaya at ibigay ang inyong tiwala sa Diyos, **Mos.** 7:19. Sinuman ang maglalagay ng kanilang pagtitiwala sa Diyos ay itataas sa huling araw, **Mos.** 23:33. Sinuman ang magbibigay ng kanilang tiwala sa Diyos ay tutulungan sa kanilang mga pagsubok, **Alma** 36:3, 27. Huwag magtiwala sa bisig ng laman, **D at T** 1:19. Magtiwala ka sa Espiritung yaon na nagaakay na gumawa ng mabuti, **D at T** 11:12. Magtiwala siya sa akin at siya ay hindi lilituhin, **D at T** 84:116. Sa gayon ang iyong pagtitiwala ay lalakas sa harapan ng Diyos, **D at T** 121:45.

**PAGTITIWALAG.** *Tingnan din sa* Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan; Paghihimagsik

Ang pamamaraan ng paghihiwalay sa isang tao mula sa Simbahan at pag-aalis ng lahat ng karapatan at pribilehiyo ng pagiging kasapi. Itinitiwalag lamang ng mga maykapangyarihan sa Simbahan ang isang tao mula sa Simbahan kung pinili niyang mamuhay nang sumasalungat sa mga kautusan ng Panginoon at sa gayon ay hinahadlangan niya ang kanyang sarili na maging kasapi pa sa Simbahan.

Ang mga puso ng marami ay tumigas, at ang kanilang mga pangalan ay binura, **Alma** 1:24 (Alma 6:3). Kung hindi siya magsisisi siya ay hindi mabibilang sa aking mga tao, **3 Ne.** 18:31 (Mos. 26). Ang mga nakikiapid na hindi magsisisi ay ititiwalag, **D at T** 42:24. Siya na nagkasala at hindi nagsisisi ay ititiwalag, **D at T** 42:28. Ibinigay ang mga pamamaraan para sa pagsasaayos ng mahahalagang suliranin sa Simbahan, **D at T** 102 (42:80–93). Hinirang ang obispo upang maging isang hukom sa Israel, **D at T** 107:72. Ang mga panrelihiyong samahan ay may karapatang harapin ang mga kasapi dahil sa mga di-wastong asal, **D at T** 134:10.

**PAGTUBOS, PLANO NG.** *Tingnan sa* Plano ng Pagtubos

**PAGTUTULI.** *Tingnan din sa* Tipang Abraham

Ang tanda ng tipang Abraham para sa kalalakihang Israelita noong mga nakalipas na dispensasyon sa Lumang Tipan (Gen. 17:10–11, 23–27; PJS, Gen. 17:11). Isinasagawa ang pagtutuli sa pamamagitan ng pagputol sa "laman ng balat na masama" ng mga lalaking sanggol at gayundin ng matatanda. Tinamasa ng mga yaong tumanggap nito ang mga pribilehiyo at tinanggap ang mga tungkulin ng tipan. Ang pagtutuli bilang isang tanda ng tipan ay nagtapos sa misyon ni Cristo (Moro. 8:8; D at T 74:3–7).

**PAHALAGAHAN.** *Tingnan din sa* Karangalan; Paggalang

Pagsasaalang-alang sa isang tao o isang bagay na may kapakinabangan at kahalagahan, lalung-lalo na ang may kaugnayan sa ebanghelyo.

Hinamak siya, at hindi natin siya pinahalagahan, **Is.** 53:3–4. Siya na labis na pinahahalagahan ng mga tao ay karumal-dumal sa paningin ng Diyos, **Lu.** 16:15. Hayaang pahalagahan ng bawat isa ang iba kaysa sa kanilang mga sarili, **Fil.** 2:3. Pantay ang pagpapahalaga ng Panginoon sa lahat ng tao, **1 Ne.** 17:35. Dapat pahalagahan ng bawat tao ang kanyang kapwa tulad sa kanyang sarili, **Mos.** 27:4 (D at T 38:24–25). Sa araw ng kanilang kapayapaan hindi gaano nilang pinahalagahan ang aking payo, **D at T** 101:8.

**PAHORAN**

Ang pangatlong Nephitang punong hukom sa Aklat ni Mormon (Alma 50:39–40; 51:1–7; 59–62).

**PAKIKIAPID.** *Tingnan din sa* Homoseksualidad; Kalinisang-puri; Mahalay, Kahalayan; Pangangalunya; Seksuwal na Imoralidad

Ang labag sa batas na pakikipag-ugnayang seksuwal ng mga kalalakihan at kababaihan. Bagaman ang pakikiapid ay kadalasang tumutukoy sa seksuwal na pakikipagniig ng isang taong may asawa sa hindi niya asawa, sa mga banal na kasulatan ito ay tumutukoy rin sa mga hindi kasal.

Paminsan-minsan ginagamit ang pakikiapid bilang sagisag ng lubusang pagtalikod sa katotohanan ng isang bansa o ng lahat ng tao mula sa mga landas ng Panginoon (Blg. 25:1–3; Ez. 16:15–59; Jer. 3:6–10; Os. 4).

Tumangging gawin ni Jose ang malaking kasamaang ito at magkasala sa Diyos, **Gen.** 39:9 (Gen. 7–12). Huwag kang makikiapid, **Ex.** 20:14. Ang bawat tumingin sa isang babae nang may pagnanasa sa kanya ay nagkasala na ng pakikiapid sa kanyang puso, **Mat.** 5:28. Ni ang mga nangangalunya o nakikiapid ay makamamana ng kaharian ng Diyos, **1 Cor.** 6:9–10. Hahatulan ng Diyos ang mga nangagpapatutot at nakikiapid, **Heb.** 13:4. Ang pakikiapid ay pinakakarumal-dumal sa lahat ng kasalanan maliban sa pagpapadanak ng dugo ng walang sala o pagtatatwa sa Espiritu Santo, **Alma** 39:3–5. Siya na nagkasala ng pakikiapid, at hindi nagsisi, ay ititiwalag, **D at T** 42:23–26. Kung sinuman ang magkasala ng pakikiapid sa kanilang mga puso, hindi mapapasakanila ang Espiritu, **D at T** 63:14–16.

**PAKIKIPAGKAPATIRAN.** *Tingnan din sa* Pagkakaisa; Pagmamahal

Sa Mga Banal sa mga Huling Araw, kasama sa pakikipagkapatiran ang paghahandog ng magiliw na pagsasamahan, paglilingkod, pagpapasigla, at pagpapalakas ng kapwa.

Ibigin ang inyong kapwa gaya ng sa inyong sarili, **Lev.** 19:18 (Mat. 19:19; D at T 59:6). Kapag ikaw nagbalik-loob, papagtibayin ang iyong mga kapatid, **Lu.** 22:32. Kung kayo'y may pag-ibig sa isa't isa, kayo ay aking mga disipulo, **Juan** 13:35. Pakainin ang aking mga tupa, **Juan** 21:15–17. Nanalangin sila na pangasiwaan namin ang pakikipagkapatiran ng paglilingkod sa mga Ba-

nal, **2 Cor.** 8:1–5. Ang aming pakikipagkapatiran ay sa Ama, at sa kanyang Anak, **1 Juan** 1:3. Nakipagkapatiran ang mga Nephita at Lamanita sa isa't isa, **Hel.** 6:3. Pahalagahan ng tao ang kanyang kapatid gaya ng kanyang sarili, **D at T** 38:24–25. Kung hindi kayo isa kayo ay hindi sa akin, **D at T** 38:27. Tinatanggap kita upang makipagkapatiran upang iyong maging kaibigan at kapatid, **D at T** 88:133.

**PALATANDAAN.** *Tingnan din sa* Himala; Palatandaan ng Panahon, Mga; Simbahan, Mga Palatandaan ng Tunay na

Isang pangyayari o karanasan na sa pang-unawa ng tao ay ebidensiya o patunay sa isang bagay. Karaniwan, ang isang palatandaan ay isang kahima-himalang pagpapakita mula sa Diyos. May kapangyarihan din si Satanas na magpakita ng mga palatandaan batay sa tiyak na kalagayan. Dapat hangarin ng mga Banal ang mga kaloob ng Espiritu subalit huwag maghangad ng mga palatandaan upang mabigyang-kasiyahan ang pagkamausisa o magpatuloy ang pananampalataya. Sa lalong maliwanag, magbibigay ng mga palatandaan ang Panginoon kung inaakala niyang marapat sa mga yaong may paniniwala (D at T 58:64).

Ang Panginoon nga ay magbibigay sa inyo ng palatandaan, **Is.** 7:14 (2 Ne. 17:14). Gumagawa ang Diyos ng mga palatandaan at kababalaghan sa langit at sa lupa, **Dan.** 6:27. Isang lahing masama at mapangalunya ay humahanap ng isang palatandaan, **Mat.** 12:39 (Mat. 16:4; Lu. 11:29). Lalakip ang mga palatandaang ito sa magsisisampalataya, **Mar.** 16:17 (Morm. 9:24; Eter 4:18; D at T 84:65). Humingi si Serem ng isang palatandaan, **Jac.** 7:13–20. Humingi si Korihor ng isang palatandaan, **Alma** 30:48–60. Ikaw ay magpakita sa amin ng isang palatandaan at pagkatapos kami'y maniniwala, **Alma** 32:17. Naniwala sa mga palatandaan at kababalaghan ang nakararaming bahagi ng mga tao, **3 Ne.** 1:22. Nakalimutan ng mga tao ang mga palatandaan at kababalaghan, **3 Ne.** 2:1. Wala kayong matatanggap na patunay hangga't hindi natatapos ang pagsubok sa inyong pananampalataya, **Eter** 12:6. Huwag humingi ng mga himala, maliban kung ipag-uutos ko, **D at T** 24:13. Nagkakaroon ng pananampalataya hindi sa pamamagitan ng mga palatandaan, subalit sumusunod ang mga tanda sa mga yaong naniniwala, **D at T** 63:7–11. Sa mga araw na iyon may magsisilitaw na mga bulaang Cristo, at mga bulaang propeta, at magpapakita ng mga dakilang palatandaan at kababalaghan, **JS—M** 1:22.

**PALATANDAAN NG PAGSILANG AT KAMATAYAN NI JESUCRISTO, MGA.** *Tingnan din sa* Jesucristo

Mga pangyayaring may kaugnayan sa pagsilang at kamatayan ni Jesucristo.

*Pagsilang:* Isang birhen ay maglilihi, at magsisilang ng isang anak, **Is.** 7:14. Lalabas mula sa Betlehem ang isang pinuno sa Israel, **Mi.** 5:2. Si Samuel, ang Lamanita ay nagpropesiya ng isang araw, isang gabi, at isang magdamag na maliwanag; isang bagong bituin; at iba pang mga palatandaan, **Hel.** 14:2–6. Natupad ang mga palatandaan, **3 Ne.** 1:15–21.

*Kamatayan:* Si Samuel, ang Lamanita ay nagpropesiya ng pagdilim, mga pagkulog at pagkidlat, at pagyanig ng lupa, **Hel.** 14:20–27. Natupad ang mga palatandaan, **3 Ne.** 8:5–23.

**PALATANDAAN NG PANAHON, MGA.** *Tingnan din sa* Huling Araw, Mga; Ikalawang Pagparito ni Jesucristo; Palatandaan

Isang pangyayari o karanasan na ibinibigay ng Diyos sa mga tao upang ipakita na may mahalagang nangyari o mangyayari sa kanyang gawa. Sa mga huling araw, maraming palatandaan tungkol sa ikalawang pagparito ng Tagapagligtas ang iprinopesiya. Ang mga tandang ito ay nagbibigay sa matatapat na tao na makilala nila ang plano

ng Diyos, bigyan ng babala, at makapaghanda.

Ang bundok ng bahay ng Panginoon ay matatayo sa taluktok ng mga bundok, **Is.** 2:2–3. Magtataas ang Panginoon ng isang sagisag at titipunin ang Israel, **Is.** 5:26 (2 Ne. 15:26–30). Ang araw ay magdidilim at hindi pasisilangin ng buwan ang kanyang liwanag, **Is.** 13:10 (Joel 3:15; D at T 29:14). Sinalangsang ng mga tao ang kautusan at sinira ang walang hanggang tipan, **Is.** 24:5. Ang mga Nephita ay mangungusap sa wari ay tinig mula sa alabok, **Is.** 29:4 (2 Ne. 27). Titipunin ang Israel sa kapangyarihan, **Is.** 49:22–23 (1 Ne. 21:22–23; 3 Ne. 20–21). Maglalagay ang Diyos ng isang kaharian na hindi magigiba, **Dan.** 2:44 (D at T 65:2). Digmaan, mga panaginip, at pangitain ang mauuna sa Ikalawang Pagparito, **Joel** 2. Pipisanin ang lahat ng bansa laban sa Jerusalem sa pagbabaka, **Zac.** 14:2 (Ez. 38–39). Ang araw ay dumarating na nagniningas na parang hurno, **Mal.** 4:1 (3 Ne. 25:1; D at T 133:64; JS—K 1:37). Malalaking kapighatian ang mangunguna sa Ikalawang Pagparito, **Mat.** 24 (JS—M 1). Inilarawan ni Pablo ang lubusang pagtalikod at katapus-tapusan sa mga huling araw, **2 Tim.** 3–4. Dalawang propeta ang papaslangin at mabubuhay na mag-uli sa Jerusalem, **Apoc.** 11 (D at T 77:15). Ipanunumbalik ang ebanghelyo sa huling araw sa pamamagitan ng paglilingkod ng anghel, **Apoc.** 14:6–7 (D at T 13; 27; 110:11–16; 128:8–24). Itatayo at babagsak ang Babilonia, **Apoc.** 17–18. Titipunin ang Israel sa kapangyarihan, **1 Ne.** 21:13–26 (Is. 49:13–26; 3 Ne. 20–21). Ito ay isang palatandaan, upang malaman ninyo ang panahon, **3 Ne.** 21:1. Ang Aklat ni Mormon ay lalabas sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, **Morm.** 8. Mamumukadkad ang mga Lamanita, **D at T** 49:24–25. Ang masasama ay papatayin ang masasama, **D at T** 63:32–35 (Apoc. 9). Ibubuhos ang digmaan sa lahat ng bansa, **D at T** 87:2. Mga palatandaan, pagkakagulo ng mga elemento, at ihahanda ng mga anghel ang daan para sa pagparito ng Panginoon, **D at T** 88:86–94. Mababalot ng kadiliman ang mundo, **D at T** 112:23–24. Inatasan ng Panginoon ang mga Banal na maghanda sa Ikalawang Pagparito, **D at T** 133.

**PALATANDAAN NG TUNAY NA SIMBAHAN, MGA.** *Tingnan sa* Simbahan, Mga Palatandaan ng Tunay na

**PAMAHALAAN.** *Tingnan din sa* Saligang-batas

Kapag bumalik na si Jesucristo, itatatag niya ang isang pamahalaan ng kabutihan.

Maaatang ang pamamahala sa kanyang balikat, **Is.** 9:6 (2 Ne. 19:6). Ibigay kay Cesar ang mga bagay na para kay Cesar, **Mat.** 22:21 (D at T 63:26). Pailalim sa mga nakatataas na kapangyarihan, **Rom.** 13:1. Manalangin para sa mga hari at sa lahat ng nasa kapangyarihan, **1 Tim.** 2:1–2. Pailalim sa mga pamunuan at sa may mga kapangyarihan at sumunod sa mga hukom, **Tit.** 3:1. Isuko ang inyong sarili sa bawat ordenansa ng tao alang-alang sa Panginoon, **1 Ped.** 2:13–14. Si Jesucristo ang magiging pinakahuling mamamahala sa mundo, **Apoc.** 11:15. Magkaroon ng mga makatarungang tao na maging mga hari ninyo, **Mos.** 23:8. Gawin ang inyong mga gawain sa pamamagitan ng paghalal ng mga tao, **Mos.** 29:26. Si Cristo ang magiging tagapamahala natin kapag siya ay pumarito, **D at T** 41:4. Siya na tumutupad sa mga batas ng Diyos ay hindi na kinakailangang lumabag sa mga batas ng lupain, **D at T** 58:21. Kapag ang masama ang namamahala, ang mga tao ay nagdadalamhati, **D at T** 98:9–10. Itinatag ng Diyos ang mga pamahalaan para sa kapakinabangan ng sangkatauhan, **D at T** 134:1–5. Nakatali ang mga tao na itaguyod at pagtibayin ang mga pamahalaan, **D at T** 134:5. Naniniwala kami sa pagpapasailalim sa mga hari, pangulo, namamahala, at hukom, **S ng P** 1:12.

**PAMANTAYANG GAWA.** *Tingnan sa* Kanoniko

**PAMATOK.** *Tingnan din sa* Disipulo

Isang kagamitang inilalagay sa leeg ng mga hayop o tao upang gamitin silang magkasama. Ang pamatok ni Cristo ay isang sagisag ng pagiging disipulo, samantalang ang pamatok ng pagkaalipin ay sagisag ng kapighatian.

Ang aking pamatok ay malambot, at ang aking pasanin ay magaan, **Mat.** 11:29–30. Huwag kayong makipamatok ng kabilang sa mga di nagsisisampalataya, **2 Cor.** 6:14. Huwag pasakop sa pamatok ng pagkaalipin, **Gal.** 5:1. Ni hindi namin nais na dalhin ang sinuman sa singkaw ng pagkaalipin, **Alma** 44:2. Ang mga pagdurusa ng mga Banal ay isang bakal na pamatok, isang matibay na panggapos, at mga tanikala ng impiyerno, **D at T** 123:1–3, 7–8.

**PANAGHOY, AKLAT NG MGA**

Isang aklat sa Lumang Tipan, na isinulat ni Jeremias. Ito ay katipunan ng mga tula o awit ng dalamhati dahil sa pagbagsak ng Jerusalem at ng bayan ng Israel. Ang aklat ay isinulat pagkatapos ng pagbagsak ng lunsod noong mga 586 B.C.

**PANAGINIP.** *Tingnan din sa* Paghahayag

Isang paraan ng pagpapahayag ng Diyos ng kanyang kalooban sa mga kalalakihan at kababaihan sa mundo. Gayunman, hindi lahat ng panaginip ay paghahayag. Ang mga inspiradong panaginip ay bunga ng pananampalataya.

Siya ay nanaginip, at namalas ang isang hagdang umaabot sa langit, **Gen.** 28:12. Nanaginip ng isang panaginip si Jose, **Gen.** 37:5. Kakausapin siya ng Panginoon sa isang panaginip, **Blg.** 12:6. Nanaginip ng mga panaginip si Nabucodonosor, **Dan.** 2:1–3. Ang matatanda ay mananaginip ng mga panaginip, **Joel** 2:28 (Gawa 2:17). Nagpakita sa kanya ang isang anghel ng Panginoon sa isang panaginip, **Mat.** 1:20 (Mat. 2:19). Isinulat ni Lehi ang maraming bagay na kanyang nakita sa mga panaginip, **1 Ne.** 1:16. Nanaginip ng isang panaginip si Lehi, **1 Ne.** 8.

**PANALANGIN.** *Tingnan din sa* Amen; Humingi; Pagbulay-bulay; Pagsamba

Isang mapitagang pakikipag-usap sa Diyos kung saan ang isang tao ay nagbibigay-pasasalamat at humihiling ng mga pagpapala. Ipinararating ang mga panalangin sa ating Ama sa Langit sa pangalan ni Jesucristo. Ang mga panalangin ay maaaring sambitin nang malakas o tahimik. Maaari ring maging isang panalangin ang mga pag-iisip ng isang tao kung ang mga ito ay itinutuon sa Diyos. Ang isang awit ng mabubuti ay maaaring maging isang panalangin sa Diyos (D at T 25:12).

Ang pakay ng panalangin ay hindi upang baguhin ang kalooban ng Diyos, kundi upang maisiguro sa ating sarili at sa iba ang mga pagpapala na nais ng Diyos na ipagkaloob, ngunit kinakailangan nating hilingin upang matanggap.

Nananalangin tayo sa Ama sa pangalan ni Cristo (Juan 14:13–14; 16:23–24). Totoong kaya nating manalangin sa pangalan ni Cristo kung ang ating mga nais ay mga naisin ni Cristo (Juan 15:7; D at T 46:30). Tayo ay hihiling ng mga bagay na tama at sa gayon ay maaari para sa Diyos na ipagkaloob (3 Ne. 18:20). Ang ibang mga panalangin ay nananatiling hindi tinutugon sa dahilang hindi nila kinakatawan ang kalooban ni Cristo kundi sa halip ay bumubukal mula sa kasakiman ng tao (Sant. 4:3; D at T 46:9). Tunay nga, kung tayo ay hihiling sa Diyos ng mga di mabubuting bagay, ito ay babalik sa ating kahatulan (D at T 88:65).

Sa gayon nagsimula ang tao na manawagan sa pangalan ng Panginoon, **Gen.** 4:26. Sa lugar ng dambana, si Abraham ay nanawagan sa pangalan ng Panginoon, **Gen.** 13:4. Ang tagapagsilbi ni Abraham ay nanalangin ng tulong sa paghahanap ng isang asawa para kay Isaac, **Gen.** 24:10–19. Huwag nawang ipahintulot ng Diyos na ako ay magkasala laban sa Panginoon sa

paglilikat ng pananalangin para sa inyo, **1 Sam.** 12:23. Dinidinig ng Panginoon ang panalangin ng mabubuti, **Kaw.** 15:29. Ako ay inyong matatagpuan, kung ako ay inyong hahanapin ng inyong buong puso, **Jer.** 29:12–13. Idalangin ninyo ang sa inyo ay nagsisiusig, **Mat.** 5:44 (Lu. 6:28; 3 Ne. 12:44). Manalangin ka sa iyong Ama na nasa lihim, **Mat.** 6:5–8 (3 Ne. 13:5–8). Magsidalangin nga kayo ng ganito, **Mat.** 6:9–13 (Lu. 11:2; 3 Ne. 13:9). Humingi, at kayo ay bibigyan, **Mat.** 7:7 (3 Ne. 14:7; D at T 4:7; 6:5; 66:9). Si Jesus ay umakyat sa bundok nang bukod upang manalangin, **Mat.** 14:23. Magsipagbantay at manalangin, upang huwag kayong magsipasok sa tukso, **Mat.** 26:41 (Mar. 14:38; 3 Ne. 18:15–18; D at T 31:12). Humingi siya nang may pananampalataya, na walang pag-aalinlangan, **Sant.** 1:5–6 (D at T 42:68; 46:7). Malaki ang nagagawa ng taimtim na panalangin ng taong matwid, **Sant.** 5:16. Makinig sa Espiritu na nagtuturo sa taong manalangin, **2 Ne.** 32:8–9. Ako ay nagsumamo sa kanya sa taimtim na panalangin, **Enos** 1:4. Ako ay nag-ayuno at nanalangin ng maraming araw, **Alma** 5:45–46 (Alma 26:22). Itinuon nila ang kanilang sarili sa maraming panalangin, at pag-aayuno, **Alma** 17:3. Inyo bang natatandaan ang sinabi ni Zenos hinggil sa panalangin o pagsamba? **Alma** 33:3. Magpakumbaba kayo, at magpatuloy sa pagdalangin, **1 Ne.** 34:18–27. Makipagsanggunian sa Panginoon sa lahat ng iyong mga gawain, **Alma** 37:37. Dapat kayong laging manalangin sa Ama sa aking pangalan, **3 Ne.** 18:19–20. Manalangin sa inyong mga mag-anak, **3 Ne.** 18:21. Si Jesus ay nanalangin sa Ama, **3 Ne.** 19:31–34 (Juan 17; 3 Ne. 18:16). Iniutos niya sa kanila na huwag silang tumigil sa pananalangin sa kanilang mga puso, **3 Ne.** 20:1. Kung siya ay mananalangin at walang tunay na layunin ng puso, ito ay walang kapakinabangan sa kanya, **Moro.** 7:6–9. Huwag hilingin yaong hindi mo dapat hilingin, **D at T** 8:10. Manalangin sa tuwina, nang kayo ay maging matagumpay, **D at T** 10:5. Iniuutos ko sa iyo na ikaw ay manalangin nang malakas gayon din sa iyong puso, **D at T** 19:28. Ang Espiritu ay ibibigay sa inyo sa pamamagitan ng panalangin nang may pananampalataya, **D at T** 42:14. Magtungo sa palanginan at ihandog ang inyong mga sakramento, **D at T** 59:9 (Mat. 21:13). Tuturuan ng mga magulang ang kanilang mga anak na manalangin, **D at T** 68:28. Ang Panginoon nilang Diyos ay mabagal sa pagdinig sa kanilang mga panalangin, **D at T** 101:7–8 (Mos. 21:15). Maging mapagpakumbaba ka; at ang Panginoon mong Diyos ay bibigyan ka ng kasagutan sa iyong mga panalangin, **D at T** 112:10. Si Adan ay inutusang manawagan sa Diyos sa pangalan ng Anak, **Moi.** 5:8. Ang Ama at Anak ay nagpakita kay Joseph Smith bilang tugon sa kanyang panalangin, **JS—K** 1:11–20.

**PANALANGIN NG PANGINOON.** *Tingnan din sa* Panalangin

Isang panalanging inialay ng Tagapagligtas para sa kanyang mga disipulo na nagsisilbing huwaran para sa lahat ng panalangin (Mat. 6:9–13; 3 Ne. 13:9–13).

**PANANAGUTAN, GULANG NG.** *Tingnan sa* Bata, Mga Bata; Mananagot, Pananagutan, May Pananagutan; Pagbibinyag, Binyagan—Pagbibinyag hindi para sa mga sanggol; Pagbibinyag ng mga Sanggol

**PANANAMPALATAYA.** *Tingnan din sa* Jesucristo; Pag-asa; Pagtitiwala; Paniniwala, Maniwala

Pagtitiwala sa isang bagay o isang tao. Katulad ng pinakamadalas gamitin sa mga banal na kasulatan, ang pananampalataya ay matibay na paniniwala at pananalig kay Jesucristo na umaakay sa isang tao upang sumunod sa kanya. Kailangang ang pananampalataya ay nakatuon kay Jesucristo upang ito ang umakay sa isang tao tungo sa kaligtasan. Mayroon ding pananampalataya ang mga Banal sa mga huling araw sa

Diyos Ama, Espiritu Santo, kapangyarihan ng pagkasaserdote, at iba pang mahahalagang bahagi ng pinanumbalik na ebanghelyo.

Sinasaklaw ng pananampalataya ang pag-asa sa mga bagay na hindi nakikita ngunit totoo (Heb. 11:1; Alma 32:21; Eter 12:6). Pinasiklab ang pananampalataya sa pamamagitan ng pakikinig sa ebanghelyo na ituro ng may mga karapatang tagapangasiwa na isinugo ng Diyos (Rom. 10:14–17). Hindi nagbubunga ang mga himala ng pananampalataya; subalit nahuhubog ang malakas na pananampalataya sa pagsunod sa ebanghelyo ni Jesucristo. Sa madaling salita, nagmumula ang pananampalataya sa kabutihan (Alma 32:40–43; Eter 12:4, 6, 12; D at T 63:9–12).

Nagdadala ang tunay na pananampalataya ng mga himala, pangitain, panaginip, pagpapagaling, at lahat ng kaloob ng Diyos na kanyang ibinibigay sa kanyang mga Banal. Sa pamamagitan ng pananampalataya, ang isa ay makatatamo ng kapatawaran ng mga kasalanan at sa malaon ay makapananahan sa kinaroroonan ng Diyos. Umaakay ang kawalan ng paniniwala sa isa patungo sa kawalan ng pag-asa, na dumarating dahil sa kasamaan (Moro. 10:22).

Mabubuhay ang mga matwid sa pamamagitan ng pananampalataya, **Hab.** 2:4. Pinagaling ka ng iyong pananampalataya, **Mat.** 9:22 (Mar. 5:34; Lu. 7:50). Mangyayari sa inyo alinsunod sa inyong pananampalataya, **Mat.** 9:29. Kung magkakaroon kayo ng pananampalataya na kasinlaki ng butil ng binhi ng mustasa, walang di maaaring mangyari sa inyo, **Mat.** 17:20 (Lu. 17:6). Nanalangin ako para sa inyo, na huwag magkulang ang inyong pananampalataya, **Lu.** 22:32. Ang pananampalataya sa pangalan ni Cristo ang nagpalakas sa taong ito, **Gawa** 3:16. Dumarating ang pananampalataya sa pamamagitan ng pakikinig sa salita ng Diyos, **Rom.** 10:17. Kung hindi bumangon si Cristo, wala ring kabuluhan ang inyong pananampalataya, **1 Cor.** 15:14. Gumagawa ang pananampalataya sa pamamagitan ng pag-ibig, **Gal.** 5:6. Sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, **Ef.** 2:8 (2 Ne. 25:23). Taglayin ang kalasag ng pananampalataya, **Ef.** 6:16 (D at T 27:17). Natapos ko na ang aking gawain, iningatan ko ang pananampalataya, **2 Tim.** 4:7. Ang pananampalataya ay kapanatagan sa mga bagay na hinihintay, **Heb.** 11:1. Hindi maaaring maging kalugud-lugod sa kanya kung walang pananampalataya, **Heb.** 11:6. Ang pananampalataya, kung wala itong mga gawa, ay patay, **Sant.** 2:17–18, 22. Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon, **1 Ne.** 3:7. Kayang gawin ng Panginoon ang lahat ng bagay alang-alang sa mga anak ng tao, kung ginagamit nila ang pananampalataya sa kanya, **1 Ne.** 7:12. Gumagalaw ang mga panuro sa Liahona alinsunod sa pananampalataya, **1 Ne.** 16:28. Magsisi at magpabinyag sa kanyang pangalan, nang may ganap na pananampalataya sa Banal, **2 Ne.** 9:23. Gumagawa ng mga dakilang himala si Cristo sa mga anak ng tao alinsunod sa kanilang pananampalataya, **2 Ne.** 26:13 (Eter 12:12; Moro. 7:27–29, 34–38). Pinatawad ang mga kasalanan ni Enos dahil sa kanyang pananampalataya kay Cristo, **Enos** 1:3–8. Ang kaligtasan ay di mapapasa kaninuman, maliban sa pamamagitan ng pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, **Mos.** 3:12. Ang mga puso ay nagbago sa pamamagitan ng pananampalataya sa kanyang pangalan, **Mos.** 5:7. Tinutugon ang mga panalangin ng mga tagapaglingkod ng Diyos alinsunod sa kanilang pananampalataya, **Mos.** 27:14. Bigyan kami ng lakas alinsunod sa aming pananampalataya kay Cristo, **Alma** 14:26. Tumawag sa pangalan ng Diyos sa pananampalataya, **Alma** 22:16. Ang pananampalataya ay hindi ang pagkakaroon ng ganap na kaalaman sa mga bagay, **Alma** 32:21 (Eter 12:6). Habang ito ay nagsisimulang lumaki gayon pa man alagaan ito ng inyong pananampalataya, **Alma** 33:23 (Alma 32:28). Ang kanilang pagkakaligtas ay ipinalagay sa kahima-

himalang kapangyarihan ng Diyos dahil sa kanilang labis na pananampalataya, **Alma** 57:25–27. Kasindami ng titingin sa Anak ng Diyos nang may pananampalataya ay mabubuhay, **Hel.** 8:15. Nakikita kong sapat ang inyong pananampalataya upang kayo ay pagalingin ko, **3 Ne.** 17:8. Ang pananampalataya ay mga bagay na inaasahan at hindi nakikita, **Eter** 12:6. Ang lahat silang gumagawa ng mga himala ay ginagawa ang mga ito sa pamamagitan ng pananampalataya, **Eter** 12:12–18. Kung sila ay may pananampalataya sa akin, sa gayon ay gagawin ko ang mahihinang bagay na maging malalakas sa kanila, **Eter** 12:27–28, 37. Itinuro ni Mormon ang tungkol sa pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa kapwa-tao, **Moro.** 7. Kahit anong bagay ang inyong hihilingin sa Ama sa aking pangalan, kung alin ay mabuti, nang may pananampalataya, naniniwalang iyon ay matatanggap ninyo, masdan, iyon ay gagawin sa inyo, **Moro.** 7:26. Sila na may pananampalataya kay Cristo ay kakapit sa bawat mabubuting bagay, **Moro.** 7:28. Kung kayo ay magtatanong nang may pananampalataya kay Cristo, ipaaalam niya ang katotohanan, **Moro.** 10:4. Kung walang pananampalataya ay wala kang magagawa; samakatwid humingi nang may pananampalataya, **D at T** 8:10. Ito ay ipagkakaloob sa kanila alinsunod sa kanilang pananampalataya sa kanilang mga panalangin, **D at T** 10:47, 52. Ang lahat ng tao ay kailangang magtiis sa pananampalataya sa kanyang pangalan hanggang wakas, **D at T** 20:25, 29. Ang pagbibigay-katwiran sa pamamagitan ng biyaya ni Cristo ay makatarungan at totoo, **D at T** 20:30. Ang Espiritu ay ibibigay sa inyo sa pamamagitan ng pananalangin nang may pananampalataya, **D at T** 42:14. Hindi dumarating ang pananampalataya sa pamamagitan ng mga palatandaan, subalit kasunod ang mga palatandaan sa mga yaong naniniwala, **D at T** 63:9–12. Turuan ng mga magulang ang mga anak ng pananampalataya kay Cristo, **D at T** 68:25. Maghangad ng karunungan, maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya, **D at T** 88:118. Pananampalataya sa Panginoong Jesucristo ang unang alituntunin ng ebanghelyo, **S ng P** 1:4.

**PANDARAYA.** *Tingnan din sa* Mapanlinlang, Manlinlang, Panlilinlang

Sa mga banal na kasulatan, ang pandaraya ay tusong panlilinlang.

Pinagpala ang tao na ang yaong espiritu ay walang pandaraya, **Awit** 32:2 (Awit 34:13; 1 Ped. 2:1). Si Natanael ay isang Israelita na walang pandaraya, **Juan** 1:47 (D at T 41:9–11). Pinalalaki ng dalisay na kaalaman ang kaluluwang walang pandaraya, **D at T** 121:42.

**PANGALAN NG SIMBAHAN.** *Tingnan sa* Simbahan, Pangalan ng; Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Ang

**PANGALAWANG MANG-AALIW.** *Tingnan sa* Mang-aaliw

**PANGANAY.** *Tingnan din sa* Jesucristo; Pagkapanganay

Sa panahon ng mga naunang patriyarka, ang panganay na anak na lalaki ang tumatanggap ng pagkapanganay (Gen. 43:33) at sa gayon minamana ang pamumuno sa mag-anak sa pagkamatay ng ama. Kailangang maging karapat-dapat ang panganay upang makuha ang tungkuling ito (1 Cron. 5:1–2) at maaaring mawala ang kanyang pagkapanganay sa pamamagitan ng kasamaan.

Sa ilalim ng mga batas ni Moises, ang panganay na anak na lalaki ay ipinalalagay na pag-aari ng Diyos. Tumatanggap ang panganay ng dalawang bahagi ng pag-aari ng kanyang ama (Deut. 21:17). Pagkamatay ng kanyang ama, tungkulin niyang pangalagaan ang kanyang ina at mga kapatid na babae.

Pag-aari rin ng Diyos ang mga panganay na anak na lalaki ng mga hayop. Ginagamit ang malilinis na hayop para

sa mga hain, samantalang ang maruruming hayop ay maaaring tubusin o ipagbili o patayin (Ex. 13:2, 11–13; 34:19–20; Lev. 27:11–13, 26–27).

Ang panganay ay sumasagisag kay Jesucristo at sa kanyang ministeryo sa lupa, pinaaalalahanan ang mga tao na ang dakilang Mesiyas ay paparito (Moi. 5:4–8; 6:63).

Si Jesus ang panganay sa mga espiritung anak ng ating Ama sa Langit, ang Bugtong na Anak ng Ama sa laman, at ang unang bumangon mula sa mga patay sa pagkabuhay na maguli (Col. 1:13–18). Magiging kasapi ang matatapat na Banal sa Simbahan ng Panganay sa kawalang-hanggan (D at T 93:21–22).

Ibibigay mo sa akin ang panganay sa iyong mga anak na lalaki, **Ex.** 22:29. Pinabanal ko ang lahat ng panganay sa Israel, **Blg.** 3:13. Maaari siyang maging panganay sa maraming magkakapatid, **Rom.** 8:29. Dinala niya ang bugtong na Anak sa daigdig, **Heb.** 1:6. Sila ang mga yaong Simbahan ng Panganay, **D at T** 76:54, 94. Ito ay iginawad sa akin mula sa mga ama, maging ang karapatan ng panganay, **Abr.** 1:3.

**PANGANGALUNYA.** *Tingnan din sa* Kalinisang-puri; Mahalay, Kahalayan; Pakikiapid

Bawal na pakikipagtalik ng dalawang taong hindi kasal sa isa't isa. Sa mga banal na kasulatan paminsan-minsan din itong ginagamit bilang isang sagisag ng lubusang pagtalikod sa katotohanan.

Huwag mo akong lapastanganin, sapagkat ang ganitong bagay ay di dapat mangyari, **2 Sam.** 13:12. Magsilayo mula sa pangangalunya, **Gawa** 15:20. Ang katawan ay hindi para sa pangangalunya, kundi para sa Panginoon, **1 Cor.** 6:13–18. Upang maiwasan ang pangangalunya, hayaang magkaroon ng asawa ang bawat tao, **1 Cor.** 7:2–3. Ito ang kalooban ng Diyos, upang mailayo kayo mula sa pangangalunya, **1 Tes.** 4:3. Binalaan ni Jacob ang mga tao ni Nephi laban sa pangangalunya, **Jac.** 3:12. Kayo ay nahihinog na para lipulin dahil sa inyong mga pagpaslang at pangangalunya, **Hel.** 8:26. Kailangang magsisi ang mga nangangalunya upang makasapi sa Simbahan, **D at T** 42:74–78.

**PANGANGARAL SA BUNDOK.** *Tingnan din sa* Jesucristo; Lubos na Pagpapala, Mga

Isang pakikipanayam ng Panginoong Jesucristo sa kanyang mga disipulo na mga ipadadala sa mga misyon (Mat. 5–7; Lu. 6:20–49). Kaagad nagbigay ng pangaral ang Panginoon pagkaraan ng pagtawag niya sa Labindalawa.

Nilinaw ang pangangaral ng pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia at ng katulad na pangangaral na nakatala sa 3 Ne. 12–14 na nagpapakita ng mahahalagang bahagi ng pangaral ay nawala mula sa ulat ni San Mateo.

**PANGANGASIWA SA MAYSAKIT.** *Tingnan din sa* Kamay, Pagpapatong ng mga; Langis; Pagpapagaling, Pinagaling; Pagpapahid ng Langis; Pagkasaserdote

Isang pagbabasbas na ibinibigay sa maysakit ng mga kalalakihang may hawak ng Pagkasaserdoteng Melquisedec, lakip ang paggamit ng inilaang langis.

Ipatong ang iyong kamay sa kanya, **Mat.** 9:18. Ipinatong ni Jesus ang kanyang mga kamay sa ilang maysakit at pinagaling sila, **Mar.** 6:5. Pinahiran ng langis ng mga apostol ni Cristo ang maraming maysakit at napagaling sila, **Mar.** 6:13. Ang mga elder ang magpapahid ng langis at magpapagaling sa maysakit, **Sant.** 5:14–15. Hindi mo pagagalingin ang maysakit maliban sa hingin nila sa inyo na mga nagnanais nito, **D at T** 24:13–14. Ipapatong ng mga elder ang kanilang mga kamay sa maysakit, **D at T** 42:44. Ipatong ang iyong mga kamay sa mga maysakit, at sila ay gagaling, **D at T** 66:9.

**PANGINOON.** *Tingnan din sa* Diyos, Panguluhang Diyos; Jesucristo

Isang tawag na may malaking paggalang at parangal para sa Diyos Ama at sa

Tagapagligtas na si Jesucristo. Ang tawag ay tumutukoy sa kanilang katayuan bilang kataas-taasan, mapagmahal na mga panginoon ng kanilang mga nilikha.

Walang bagay ang mahirap para sa Panginoon, **Gen.** 18:14. Nakipag-usap ang Panginoon kay Moises nang harapan, **Ex.** 33:11. Mahalin ninyo ang Panginoon ninyong Diyos, **Deut.** 6:5 (Mat. 22:37; Mar. 12:30). Ngunit sa ganang akin at sa aking sambahayan ay maglilingkod kami sa Panginoon, **Jos.** 24:15. Ang Panginoon ay aking pastol, **Awit** 23:1. Ang Panginoon ay malakas, makapangyarihan sa pakikibaka, **Awit** 24:8. Ang Panginoong Jehova ay aking lakas, **Is.** 12:2 (2 Ne. 22:2). Akong Panginoon ay inyong Tagapagligtas at inyong Manunubos, **Is.** 60:16. Sa Panginoon mong Diyos sasamba ka, **Mat.** 4:10 (Lu. 4:8). Kaydakila ng mga bagay na ginawa ng Panginoon, **Mar.** 5:19. Iisa lamang ang Panginoong Jesucristo, **1 Cor.** 8:6. May isang Panginoon, isang pananampalataya, isang pagbibinyag, **Ef.** 4:5. Ang Panginoon din ang bababa na mula sa langit, **1 Tes.** 4:16. Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon, **1 Ne.** 3:7. Sa katwiran ay hahatulan ng Panginoon ang mga maralita, **2 Ne.** 30:9. Ang Panginoong Diyos, ang Diyos ni Abraham, ang nagligtas sa mga Israelita mula sa pagkaalipin, **Alma** 29:11. Walang makapagliligtas sa tao maliban sa pagsisisi at pananampalataya sa Panginoon, **Hel.** 13:6 (Mos. 3:12). Pakinggan ang mga salita ni Jesucristo, na iyong Panginoon, **D at T** 15:1. Hanapin ang mukha ng Panginoon tuwina, **D at T** 101:38. Pula ang kasuotan ng Panginoon sa kanyang Ikalawang Pagparito, **D at T** 133:48 (Is. 63:1–4). Si Abraham ay nakipag-usap sa Panginoon nang harapan, **Abr.** 3:11. Naniniwala kami na ang unang alituntunin ng ebanghelyo ay pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, **S ng P** 1:4.

**PANGINOON NG MGA HUKBO.** *Tingnan din sa* Jesucristo

Isa pang pangalan para kay Jesucristo. Siya ang naghahari sa mga hukbo ng langit at lupa at namumuno sa mabubuti laban sa masasama (D at T 29:9; 121:23).

Ang Panginoon ng mga Hukbo ang Hari ng kaluwalhatian, **Awit** 24:10. Ang Diyos ng Israel ang Panginoon ng mga Hukbo, **1 Ne.** 20:2. Ang aking Espiritu ay hindi palaging papatnubay sa tao, wika ng Panginoon ng mga Hukbo, **D at T** 1:33.

**PANGITAIN.** *Tingnan din sa* Paghahayag; Panaginip; Unang Pangitain

Isang nakikitang paghahayag ng ilang mga pangyayari, tao, o bagay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

*Ang mga sumusunod na halimbawa ay kabilang sa mahahalagang pangitain:* Ang pangitain ni Ezekiel tungkol sa mga huling araw (Ez. 37–39), ang pangitain ni Esteban kay Jesus na nakatindig sa kanang kamay ng Diyos (Gawa 7:55–56), ang paghahayag ni Juan tungkol sa mga huling araw (Apoc. 4–21), ang pangitain ng punungkahoy ng buhay nina Lehi at Nephi (1 Ne. 8, 10–14), ang pangitain ng Nakababatang Alma tungkol sa isang anghel ng Panginoon (Mosias 27), ang pangitain ng kapatid ni Jared sa lahat ng nananahanan sa lupa (Eter 3:25), ang pangitain tungkol sa mga kaluwalhatian (D at T 76), mga pangitaing ipinamalas kina Joseph Smith at Oliver Cowdery sa Templo ng Kirtland (D at T 110), ang pangitain ni Joseph F. Smith tungkol sa pagtutubos sa mga patay (D at T 138), ang pangitain ni Moises tungkol sa Diyos at sa kanyang mga nilikha (Moises 1), ang pangitain ni Enoc tungkol sa Diyos (Moises 6–7), ang unang pangitain ni Joseph Smith (JS—K 1).

Kung saan walang pangitain, ang mga tao ay sumasama, **Kaw.** 29:18. Ang mga binata ay makakikita ng mga pangitain, **Joel** 2:28 (Gawa 2:17). Binigyan niya ako ng kaalaman sa pamamagitan ng mga pangitain, **2 Ne.** 4:23. Siya ay isang

sugo na nagbuhat sa kinaroroonan ng Diyos, **JS—K** 1:33. Naniniwala kami sa propesiya, paghahayag, mga pangitain, **S ng P** 1:7.

**PANGKALAHATANG MAYKAPANGYARIHAN.** *Tingnan sa* Apostol; Namumunong Obispo; Pitumpu; Unang Panguluhan

**PANGKALAHATANG PAGSANG-AYON.** *Tingnan din sa* Pagtataguyod sa mga Pinuno ng Simbahan; Simbahan ni Jesucristo

Ang alituntunin kung paano itinataguyod ng mga kasapi ng Simbahan ang mga yaong tinawag na maglingkod sa Simbahan, gayon din sa iba pang pagpapasiya ng Simbahan na humihingi ng kanilang tulong, na karaniwang ipinakikita sa pamamagitan ng pagtataas ng kanang kamay.

Si Jesucristo ang nangungulo sa kanyang Simbahan. Sa pamamagitan ng pagbibigay-inspirasyon ng Espiritu Santo, ginagabayan niya ang mga pinuno ng Simbahan sa mahahalagang gawain at pagpapasiya. Gayunman, lahat ng kasapi ng Simbahan ay may karapatan at pribilehiyong itaguyod o hindi itaguyod ang mga pagkilos at pagpapasiya ng kanilang mga pinuno.

Lahat ng tao ay tumugon sa iisang tinig, **Ex.** 24:3 (Blg.27:18–19). Magkaisang nagtipon ang mga apostol at elder, **Gawa** 15:25. Walang taong oordenan nang walang boto ng Simbahan, **D at T** 20:65–66. Lahat ng bagay ay isasagawa sa pamamagitan ng pangkalahatang pagsang-ayon, **D at T** 26:2 (D at T 28:13). Isagawa ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng nagkakaisang pagsang-ayon, **D at T** 104:21.

**PANGULO.** *Tingnan din sa* Propeta; Unang Panguluhan

Ang tawag sa namumuno ng isang samahan. Ang Pangulo ng Simbahan ay isang propeta, tagakita, at tagahayag (D at T 21:1; 107:91–92), at tatawagin ng mga kasapi ng Simbahan ang propeta ng Simbahan na "Pangulo" (D at T 107:65). Siya lamang ang taong maaaring gumamit ng lahat ng susi ng pagkasaserdote sa mundo.

Ang mga pinuno ng mga korum ng pagkasaserdote at iba pang samahan sa Simbahan ay maaari ring tawaging pangulo.

Ibinigay ng Panginoon ang mga susi ng kaharian kay Joseph Smith, **D at T** 81:1–2. Tatlong pangulo ang bumubuo ng korum ng Panguluhan ng Simbahan, **D at T** 107:21–24. Ang mga pangulo ay inordenan alinsunod sa orden ni Melquisedec, **D at T** 107:29. Ang mga tungkulin ng mga pangulo sa mga diyakono, guro, saserdote, at elder ay inilarawan, **D at T** 107:85–89 (D at T 124:136–138, 142). May pitong pangulo sa lahat ng Pitumpu, **D at T** 107:93–95. Ang mga pangulo ng istaka ay itinalaga, **D at T** 124:133–135.

**PANGULUHAN.** *Tingnan sa* Unang Panguluhan

**PANGUNAHING BUNGA**

Ang unang tanim na aanihin sa panahon ng tag-ani. Sa panahon ng Lumang Tipan, ang mga ito ay inihahandog sa Panginoon (Lev. 23:9–20). Yaong mga tumanggap ng ebanghelyo at nagtiis hanggang wakas sa katapatan sa paraang nagsasagisag ay mga pangunahing bunga, sapagkat pag-aari sila ng Diyos.

Yaong mga sumusunod sa kordero saan man siya magtungo ay mga pangunahing bunga sa Diyos, **Apoc.** 14:4. Sila na unang bababa kasama ni Cristo ay mga pangunahing bunga, **D at T** 88:98.

**PANINIBUGHO, NANINIBUGHO.** *Tingnan din sa* Inggit

Sa pagkakagamit sa mga banal na kasulatan, ang salitang *naninibugho* ay may dalawang kahulugan: (1) ang pagiging maalab at may pagkamaramdamin at matinding damdamin sa isang tao o isang bagay, at (2) ang pagiging mainggitin sa isang tao o mapaghinala na magsasamantala ang iba.

*Ang magkaroon ng maalab na damdamin:* Ako ang Panginoon ay isang mapanibughuing Diyos, **Ex.** 20:5 (Deut. 5:9; 6:15; Mos. 11:22). Maninibugho ako alang-alang sa aking banal na pangalan, **Ez.** 39:25. Naninibugho ako alang-alang sa Jerusalem at sa Sion, **Zac.** 1:14.

*Ang maging mainggitin o mapaghinala:* Ang paninibugho ay pag-iinit ng isang tao, **Kaw.** 6:32–35. Nagsimulang manibugho si Akis sa kanyang anak na lalaki, **Eter** 9:7. Alisin ang inyong sarili mula sa mga paninibugho at takot, **D at T** 67:10.

**PANINIWALA, MANIWALA.**
*Tingnan din sa* Jesucristo; Kawalang-paniniwala; Pagtitiwala; Pananampalataya

Ang magkaroon ng pananampalataya sa isang tao o tanggaping totoo ang isang bagay. Kinakailangang magsisi at maniwala ang isang tao kay Jesucristo upang maligtas sa kaharian ng Diyos (D at T 20:29).

Maniwala sa Panginoon ninyong Diyos; maniwala sa kanyang mga propeta, **1 Cron.** 20:20. Hindi nasaktan si Daniel sa yungib ng mga leon dahil sa naniwala siya sa Diyos, **Dan.** 6:23. Ayon sa iyong paniniwala, gayon ang sa iyo'y mangyayari, **Mat.** 8:13. Anumang iyong hihingin sa panalangin, na naniniwala, ay iyong tatanggapin, **Mat.** 21:22. Huwag matakot, maniwala lamang, **Mar.** 5:36. Ang lahat ng bagay ay mangyayari sa kanya na naniniwala, **Mar.** 9:23–24. Siya na naniniwala at nabinyagan ay maliligtas, **Mar.** 16:16 (2 Ne. 2:9; 3 Ne. 11:33–35). Siya na naniniwala sa Anak ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan, **Juan** 3:16, 18, 36 (Juan 5:24; D at T 10:50). Naniniwala kami at nakatitiyak na ikaw ang Cristo, **Juan** 6:69. Siya na naniniwala sa akin, bagama't siya'y namatay, gayon man siya'y mabubuhay, **Juan** 11:25–26. Tayo na naniniwala ay nagsisipasok sa kapahingahan, **Heb.** 4:3. Maniwala kay Jesucristo at mag-ibigan, **1 Juan** 3:23. Walang lilipulin ang Mesiyas sa naniwala sa kanya, **2 Ne.** 6:14. Uusigin ang mga Judio hanggang sa mahikayat silang maniwala kay Cristo, **2 Ne.** 25:16. Kung kayo ay naniniwala sa mga bagay na ito, tiyaking ito ay inyong gagawin, **Mos.** 4:10. Aakuin ng Anak sa kanyang sarili ang mga pagkakasala ng mga yaong naniniwala sa kanyang pangalan, **Alma** 11:40. Pinagpala siya na naniniwala sa mga salita ng Diyos nang hindi pinipilit, **Alma** 32:16. Kahit na wala kayong higit na nais kundi ang maniwala, hayaan na ang pagnanais na ito ay umiral sa inyo, **Alma** 32:27. Kung kayo ay naniniwala sa pangalan ni Cristo, kayo ay magsisisi, **Hel.** 14:13. Yaong mga naniniwala kay Cristo ay naniniwala rin sa Ama, **3 Ne.** 11:35. Kailanma'y hindi pa naniwala ang tao sa Panginoon na tulad ng kapatid ni Jared, **Eter** 3:15. Bawat bagay na humihikayat na maniwala kay Cristo ay isinugo sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Cristo, **Moro.** 7:16–17. Yaong mga naniniwala sa mga salita ng Panginoon ay pagpapakitaan ng Espiritu, **D at T** 5:16. Yaong mga naniniwala sa pangalan ng Panginoon ay magiging mga anak ng Diyos, **D at T** 11:30 (Juan 1:12). Sa iba ay ipinagkaloob na maniwala sa mga salita ng iba, **D at T** 46:14. Mga palatandaan ang susunod sa mga yaong naniniwala, **D at T** 58:64 (D at T 63:7–12). Yaong mga naniniwala, nagsisisi, at nabinyagan ay tatanggap ng Espiritu Santo, **Moi.** 6:52.

**PAPURI.** *Tingnan sa* Kaluwalhatian; Salamat, Nagpapasalamat, Pasasalamat

**PARAISO.** *Tingnan din sa* Langit

Ang bahaging yaon ng daigdig ng mga espiritu na kung saan ang mga matwid na espiritu na lumisan sa buhay na ito ay naghihintay sa pagkabuhay na maguli ng katawan. Ito ang kalagayan ng kaligayahan at kapayapaan.

*Ang Paraiso* ay ginagamit din sa mga banal na kasulatan bilang pagbibigay-kahulugan sa daigdig ng mga espiritu (Lu. 23:43), ang kahariang selestiyal (2 Cor.

12:4), at ang niluwalhating milenyal na kalagayan ng mundo (S ng P 1:10).

Ang magtagumpay, ay siya kong pakakainin ng punungkahoy ng buhay, na nasa paraiso ng Diyos, **Apoc.** 2:7. Ang paraiso ng Diyos ay kinakailangang palayain ang mga espiritu ng mabubuti, **2 Ne.** 9:13. Ang mga espiritu ng yaong mabubuti ay tatanggapin sa kalagayan ng kaligayahan, na tinatawag na paraiso, **Alma** 40:11–12. Ang lahat ng disipulo ni Jesus ay pumaroong lahat sa paraiso ng Diyos, maliban sa tatlo, **4 Ne.** 1:14. Ako ay malapit nang magtungo sa paraiso ng Diyos, **Moro.** 10:34. Si Cristo ay naglingkod sa mabubuting espiritu sa paraiso, **D at T** 138.

**PARTRIDGE, EDWARD**

Isa sa mga unang kasapi at pinuno ng Simbahan matapos itong mapanumbalik sa panahong ito. Naglingkod si Edward Partridge bilang unang obispo ng Simbahan (D at T 36; 41:9–11; 42:10; 51:1–18; 115; 124:19).

**PARUSA, PAGPAPARUSA.** *Tingnan din sa* Pagdurusa

Pagwawasto o pagdidisiplina na ginagawa sa mga tao o pangkat upang matulungan silang umunlad o maging mas matatag.

Huwag pawalang-kabuluhan ang pagsaway ng Pinakamakapangyarihan, **Job** 5:17 (Kaw. 3:11). Pinagpala ang tao na iyong pinarurusahan, O Panginoon, **Awit** 94:12. Ang lahat ng banal na kasulatan ay ibinibigay para sa pagsaway, sa ikatututo, **2 Tim.** 3:16. Pinarurusahan ng Panginoon ang kanyang iniibig, **Heb.** 12:5–11. Minarapat ng Panginoon na parusahan ang kanyang mga tao, **Mos.** 23:21–22. Maliban kung parurusahan ng Panginoon ang kanyang mga tao, ay hindi nila siya maaalaala, **Hel.** 12:3. Nakipagusap ang Panginoon sa kapatid ni Jared, at pinagsabihan siya, **Eter** 2:14. Pinarusahan sila upang sila ay magsisi, **D at T** 1:27. Ang aking minamahal ay akin ding pinarurusahan upang ang kanilang mga kasalanan ay mapatawad, **D at T** 95:1. Lahat ng yaong hindi makatitiis ng pagpaparusa ay hindi mapababanal, **D at T** 101:2–5. Ang aking mga tao ay talagang kinakailangang parusahan hanggang sa kanilang matutuhan ang pagsunod, **D at T** 105:6. Siya na hindi makapagbabata ng pagpaparusa ay hindi karapat-dapat sa aking kaharian, **D at T** 136:31.

**PASAKIT.** *Tingnan sa* Krus

**PASKO NG PAGKABUHAY.** *Tingnan sa* Jesucristo; Pagkabuhay na Mag-uli

**PASKUA.** *Tingnan din sa* Huling Hapunan; Kordero ng Diyos

Ang piging ng Paskua ay pinasimulan upang tulungang maalaala ng mga anak ni Israel ang paglampas sa kanilang tahanan ng anghel ng kamatayan at iligtas sila sa mga taga-Egipto (Ex. 12:21–28; 13:14–15). Ang dugo ng mga walang bahid-dungis na kordero, na ginamit na palatandaan upang iligtas ang Israel noong una, ay sumasagisag kay Jesucristo, na Kordero ng Diyos, na ang paghain ay nakatubos sa sangkatauhan.

Ito ang ordenansa ng Paskua, **Ex.** 12:43. Tinupad ni Jesus at ng kanyang mga Apostol ang Paskua at Huling Hapunan, **Mat.** 26:17–29 (Mar. 14:12–25). Narito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan, **Juan** 1:29, 36. Si Cristo ang ating Paskua ay inihain para sa atin, **1 Cor.** 5:7. Tayo ay tinubos ng dugo ni Cristo, gaya ng sa korderong walang dungis, **1 Ped.** 1:18–19. Magkaroon ng pananampalataya sa Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, **Alma** 7:14. Ang mga Banal na sumusunod sa Salita ng Karunungan ay pangangalagaan tulad ng mga anak ni Israel, **D at T** 89:21. Ang Kordero ay pinatay mula pa sa pagkakatatag ng daigdig, **Moi.** 7:47.

**PASTOL.** *Tingnan din sa* Jesucristo; Mabuting Pastol

Pinapakahulugan, ang isang tao na kumakalinga sa mga anak ng Panginoon.

Ang Panginoon ay aking pastol, **Awit** 23:1. Dapat pakainin ng mga pastol ang tupa, **Ez.** 34:2–3.

**PATAY, KALIGTASAN PARA SA MGA.** *Tingnan sa* Kaligtasan para sa mga Patay

**PATAY NA DAGAT**

Ang dagat alat sa dulong bahagi ng katimugan ng Lambak ng Jordan. Ito rin ay kilalang Maalat na Dagat. Ang ibabaw nito ay humigit-kumulang sa 915 metro ang baba sa Dagat Mediteranea. Malapit sa mga dalampasigan nito ang mga lunsod ng Sodoma, Gomorra, at Zoar o Bela (Gen. 14:2–3).

Bilang katuparan ng propesiya at isa sa mga palatandaan ng ikalawang pagparito ng Tagapagligtas, ang mga tubig ng Patay na Dagat ay pagagalingin, at darami ang may buhay na kinapal doon (Ez. 47:8–9).

**PATOTOO.** *Tingnan din sa* Espiritu Santo; Magpatotoo; Saksi

Kaalaman at isang espirituwal na patotoo na ibinigay ng Espiritu Santo. Maaari ring ang patotoo ay isang opisyal o legal na pahayag ng nadarama ng isang tao na totoo (D at T 102:26).

Alam ko na ang aking Manunubos ay buhay, **Job** 19:25–26. Huwag ikahiya ang pagpapatotoo sa ating Panginoon, **2 Tim.** 1:8. Ang patotoo ni Jesus ay diwa ng propesiya, **Apoc.** 19:10. Tumayo bilang mga saksi ng Diyos, sa lahat ng panahon, **Mos.** 18:9. Walang ibang paraan upang mabawi ang mga tao maliban sa pagpapatotoo ng dalisay na patotoo laban sa kanila, **Alma** 4:19–20. Taglay ko ang lahat ng bagay bilang patotoo na ang mga bagay na ito ay totoo, **Alma** 30:41–44. Wala kayong matatanggap na patunay hangga't hindi natatapos ang pagsubok sa inyong pananampalataya, **Eter** 12:6. Hindi nga ba't ako ay nangusap ng kapayapaan sa iyong isipan? Ano pang mas higit na katibayan ang iyong matatamo kundi ang mula sa Diyos? **D at T** 6:22–23. At ngayon, matapos ang maraming patotoo na ibinigay hinggil sa kanya, ito ang patotoo na aming ibinibigay tungkol sa kanya, **D at T** 76:22–24. Isinugo ko kayo upang magpatotoo at balaan ang mga tao, **D at T** 88:81–82. Ang mga saksi ay patay na ngayon at ang kanilang patotoo ay may bisa, **D at T** 135:4–5. Namalas ni Enos ang mga anghel na nagpapatotoo sa Ama at Anak, **Moi.** 7:27. Bagama't kinamuhian ako at inusig dahil sa pagsasabi na nakakita ako ng pangitain, gayon pa man ito ay totoo, **JS—K** 1:24–25.

**PATRIYARKA, PATRIYARKAL.** *Tingnan din sa* Ama, Mortal na; Ebanghelista; Pagkasaserdoteng Melquisedec; Patriyarkal na Pagbabasbas, Mga

Ang mga banal na kasulatan ay bumabanggit ng dalawang uri ng patriyarka; (1) isang inordenang katungkulan sa Pagkasaserdoteng Melquisedec, na minsa'y tinatawag na ebanghelista; (2) ama ng mga mag-anak. Nagbibigay ang mga inordenang patriyarka ng mga natatanging pagbabasbas para sa mga karapat-dapat na kasapi ng Simbahan.

*Mga inordenang Patriyarka:* Pinagkalooban niya ang iba na maging propeta, ang iba'y mga mangangaral, **Ef.** 4:11 (S ng P 1:6). Tungkulin ng Labindalawa ang mag-orden ng mga mangangaral ng ebanghelyo, **D at T** 107:39. Maaaring kunin ni Hyrum ang katungkulan ng pagkasaserdote at patriyarka, **D at T** 124:91–92, 124; 135:1.

*Mga ama:* Binasbasan ni Jacob ang kanyang mga anak at ang kanilang mga inapo, **Gen.** 49:11–28. Malayang magsasalita ako sa inyo tungkol sa patriyarkang si David, **Gawa** 2:29. Pinayuhan at binasbasan ni Lehi ang kanyang angkan, **2 Ne.** 4:3–11. Ako ay naging karapat-dapat na tagapagmana, humahawak ng karapatang pag-aari ng mga ama, **Abr.** 1:2–4.

**PATRIYARKAL NA PAGBABASBAS, MGA.** *Tingnan din sa* Ama, Mortal na; Ebanghelista; Patriyarka, Patriyarkal

Ang mga pagbabasbas na ibinibigay sa mga karapat-dapat na kasapi ng Simbahan sa pamamagitan ng mga inordenang patriyarka. Naglalaman ang isang patriyarkal na pagbabasbas ng mga payo ng Panginoon para sa taong tumatanggap ng pagbabasbas at ipinaaalam ang angkan ng tao sa sambahayan ni Israel. Maaaring magbigay ang mga ama ng mga natatanging pagbabasbas bilang mga patriyarka ng kanilang mga mag-anak, ngunit ang mga basbas na ito ay hindi itinatala o iniingatan ng Simbahan.

Iniunat ni Israel ang kanyang kanang kamay at ipinatong ito sa ulo ni Ephraim, **Gen.** 48:14. Binasbasan ni Jacob ang kanyang mga anak at ang kanilang mga binhi, **Gen.** 49. Binasbasan ni Lehi ang kanyang mag-anak, **2 Ne.** 4:3–11.

**PATTEN, DAVID W.**

Isang kasapi ng Korum ng Labindalawang Apostol na napili sa huling araw na dispensasyon. Si David Patten ang unang martir ng pinanumbalik na Simbahan, na napatay sa digmaan ng Crooked River sa Missouri noong 1838.

Tinawag upang isaayos ang kanyang hanap-buhay at magsagawa ng isang misyon, **D at T** 114:1. Dinala sa Panginoon, **D at T** 124:19, 130.

**PATUNAY.** *Tingnan sa* Saksi

**PAYO, PAPAYUHAN.** *Tingnan din sa* Propeta

Mga paalala, babala, pangaral, at tagubilin mula sa Panginoon at sa kanyang mga inordenang pinuno.

Papayuhan kita, **Ex.** 18:19. Papatnubayan ako ng Diyos ng kanyang payo, **Awit** 73:24. Kung saan walang pantas na namamahala, ang mga tao ay bumabagsak, **Kaw.** 11:14. Tinanggihan ng mga Fariseo at tagapagtanggol ang payo ng Diyos, **Lu.** 7:30. Ipinapayo ko sa iyo na ikaw ay bumili sa akin ng gintong dinalisay ng apoy, **Apoc.** 3:18. Ang maging marunong ay mabuti kung sila ay makikinig sa payo ng Diyos, **2 Ne.** 9:29. Huwag hangaring pagpayuhan ang Panginoon, **Jac.** 4:10. Siya ay nagpapayo sa lahat ng kanyang nilikha, **Alma** 37:12. Ang inyong mga kasalanan ay nakarating sa akin sapagkat kayo ay naghangad ng payo sa sarili ninyong pamamaraan, **D at T** 56:14. Makinig sa mga payo niya na nag-orden sa inyo, **D at T** 78:2. Tumanggap ng payo sa kanya na aking itinalaga, **D at T** 108:1. Minithi niya na itatag ang kanyang payo sa halip na ang payo na aking inorden, **D at T** 124:84. Makinig sa payo ng aking tagapaglingkod na si Joseph, **D at T** 124:89. Kung sinumang tao ang hindi hahanapin ang aking payo, siya ay hindi magkakaroon ng kapangyarihan, **D at T** 136:19.

**PEDRO**

Sa Bagong Tipan, si Pedro ay unang nakilalang Simeon o Simon (2 Ped. 1:1), isang mangingisda ng Betsaida at naninirahan sa Capernaum na kasama ang kanyang asawa. Pinagaling ni Jesus ang ina ng asawa ni Pedro (Mar. 1:29–31). Si Pedro ay tinawag kasama ng kanyang kapatid na si Andres na maging disipulo ni Jesucristo (Mat. 4:18–22; Mar.1:16–18; Lu. 5:1–11). Ang kanyang Aramaic na pangalan, Cephas, na nangangahulugang "isang tagakita" o "bato," ay ibinigay sa kanya ng Panginoon (Juan 1:40–42; PJS, Juan 1:42). Samantalang sinasabi sa Bagong Tipan ang ilan sa mga kahinaan ni Pedro, inilalarawan din na kanya itong napagtagumpayan at siya ay ginawang malakas ng kanyang pananampalataya kay Jesucristo.

Si Pedro ay nagpatotoo na si Jesus ang Cristo at ang Anak ng Diyos (Juan 6:68–69), at pinili siya ng Panginoon upang humawak ng mga susi ng kaharian sa mundo (Mat. 16:13–18). Sa Bundok ng Pagbabagong-anyo, nakita ni Pedro ang nagbagong-anyong Tagapagligtas, gayon din sina Moises at Elias (Elijah) (Mat. 17:1–9).

Si Pedro ang punong Apostol sa kanyang araw. Matapos ang pagkamatay, pagkabuhay na mag-uli, at pagpanhik ng Tagapagligtas sa langit, tinipon niya ang Simbahan at pinamunuan ang pagtawag sa isang Apostol upang palitan si Judas Iscariote (Gawa 1:15–26). Pinagaling nina Pedro at Juan ang isang lalaking lumpo nang isilang (Gawa 3:1–16) at mahimalang napalaya sa bilangguan (Gawa 5:11–29; 12:1–19). Sa pamamagitan ng pagmiministeryo ni Pedro ang ebanghelyo ay unang nabuksan sa mga Gentil (Gawa 10–11). Sa mga huling araw, si Pedro, kasama sina Santiago at Juan, ay nanaog sa langit at iginawad ang Pagkasaserdoteng Melquisedec at ang mga susi niyon kina Joseph Smith at Oliver Cowdery (D at T 27:12–13; 128:20).

*Unang liham ni Pedro:* Isinulat ang unang liham mula sa "Babilonia" (marahil sa Roma) at ipinadala sa mga Banal sa lugar na ngayon ay tinatawag na "Asia Minor" matapos na simulang usigin ni Nero ang mga Cristiyano.

Nasasaad sa kabanata 1 ang tungkol sa pagkaka-orden sa simula pa kay Cristo bilang Manunubos. Ipinaliliwanag sa mga kabanata 2–3 na si Cristo ang punong batong panulok ng Simbahan, na ang mga Banal ay may hawak ng makaharing pagkasaserdote, at na si Cristo ay nangaral sa mga espiritu na nasa bilangguan. Ipinaliliwanag sa mga kabanata 4–5 kung bakit ang ebanghelyo ay ipinangangaral sa mga patay at bakit kailangang pakainin ng mga elder ang kawan.

*Pangalawang liham ni Pedro:* Hinihikayat sa kabanata 1 ang mga Banal na gawing tiyak ang pagkakatawag at pagkakapili sa kanila. Nagbabala sa kabanata 2 laban sa mga huwad na guro. Nasasaad sa kabanata 3 ang huling araw at ang ikalawang pagparito ni Cristo.

**PELEG**

Sa Lumang Tipan, ang anak ni Eber at apo sa tuhod ni Sem. Sa kapanahunan niya ay nahati ang lupa (Gen. 10:22–25).

**PENTATEUCH.** *Tingnan din sa* Bilang, Mga; Deuteronomio; Exodo; Genesis; Levitico; Lumang Tipan; Moises

Ang katawagang ibinigay sa unang limang aklat ng Lumang Tipan—Genesis, Exodo, Levitico, Mga Bilang, at Deuteronomio. Tinutukoy ng mga Judio ang mga aklat na ito bilang Torah o mga batas ni Moises. Ang mga ito ay isinulat ni Moises (1 Ne. 5:10–11).

**PENTECOSTES.** *Tingnan din sa* Batas ni Moises, Mga

Bilang bahagi ng mga batas ni Moises, ang piging ng Pentecostes o ng mga pangunahing bunga ay idinaraos ng limampung araw pagkatapos ng piging ng Paskua (Lev. 23:16).

Ang Pentecostes ay upang ipagdiwang ang araw ng pag-aani, at sa Lumang Tipan ito ay tinatawag na piging ng pag-aani o piging ng mga linggo. Ang piging na ito ang ipinagdiriwang nang ang mga Apostol sa Jerusalem ay mapuspos ng Espiritu Santo at nangusap sa maraming wika (Gawa 2; D at T 109:36–37).

**PHELPS, WILLIAM W.**

Isa sa mga naunang kasapi at pinuno ng Simbahan matapos itong ipanumbalik noong 1830. Tinawag ng Panginoon si William Phelps na maging manlilimbag para sa Simbahan (D at T 57:11; 58:40; 70:1).

**PIGIL, PINIGIL.** *Tingnan sa* Pilit, Pinilit

**PIITAN NG CARTHAGE (USA).** *Tingnan din sa* Smith, Hyrum; Smith, Joseph, Jr.

Pinaslang ng mga mandurumog sina Joseph at Hyrum Smith noong ika-27 ng Hunyo 1844 sa piitan sa Carthage, Illinois, Estados Unidos ng Amerika (D at T 135).

**PIITAN NG LIBERTY, MISSOURI (USA)**. *Tingnan din sa* Smith, Joseph, Jr.

Isang maliit na piitan kung saan ang Propetang si Joseph Smith at iba pa ay di makatarungang ibinilanggo mula Nobyembre 1838 hanggang Abril 1839.

Habang nasa mahirap na kalagayang ito, si Joseph ay nakatanggap ng ilang paghahayag, nagbigay ng mga propesiya, at binigyan-inspirasyong sumulat ng isang mahalagang liham sa mga Banal, na ang mga hango ay nasa Doktrina at mga Tipan 121–123.

**PILATO, PONCIO**

Isang Romanong pinuno sa Judea, A.D. 26–35 (Lu. 3:1). Kinamumuhian niya ang mga Judio at ang kanilang relihiyon at nagpapatay ng ilang mga Galileo (Lu. 13:1). Si Jesus ay pinaratangan at hinatulang ipako sa krus sa harapan ni Pilato (Mat. 27:2, 11–26, 58–66; Mar. 15; Lu. 23; Juan 18:28–19:38).

**PILIT, PINILIT.** *Tingnan din sa* Espiritu Santo

Ang mahimok nang husto na gawin o huwag gawin ang isang bagay, lalunglalo na sa pamamagitan ng impluwensiya at kapangyarihan ng Espiritu Santo.

Ang diwa na sinasaloob ko ay pumipigil sa akin, **Job** 32:18. Ang pag-ibig ni Cristo ay pumipilit sa amin, **2 Cor.** 5:14. Ako ay pinilit ng Espiritu na nararapat kong patayin si Laban, **1 Ne.** 4:10. Ang Espiritu ay pinipigilan ako, **Alma** 14:11. Ako ay napilitan alinsunod sa tipan, **Alma** 60:34. Si Ammoron, na pinipilit ng Espiritu Santo, ay itinago ang mga talaan, **4 Ne.** 1:48. Yaong nagmumula sa kaitaasan ay kailangang sambitin sa pamamagitan ng panghihimok ng Espiritu, **D at T** 63:64.

**PINAGALING, PAGPAPAGALING.** *Tingnan din sa* Pagpapahid ng Langis; Pangangasiwa sa Maysakit

Mapagaling o mapabuting muli, kapwa sa pangangatawan at espirituwal. Naglalaman ang mga banal na kasulatan ng maraming halimbawa ng mga kahimalang pagpapagaling ng Panginoon at ng kanyang mga tagapaglingkod.

Ako ang Panginoon na nagpapagaling sa iyo, **Ex.** 15:26. Inilubog ni Naaman ang kanyang sarili sa Ilog ng Jordan ng pitong ulit at gumaling, **2 Hari** 5:1–14. Sa kanyang mga latay tayo ay gumaling, **Is.** 53:5 (Mos. 14:3). Sisikat ang Araw ng kabanalan na may taglay na kagalingan sa kanyang mga pakpak, **Mal.** 4:2. Pinagaling ni Jesus ang lahat ng uri ng sakit, **Mat.** 4:23 (Mat. 9:35). Binigyan niya sila ng kapangyarihang pagalingin ang lahat ng uri ng sakit, **Mat.** 10:1. Sinugo niya ako upang pagalingin ang mga pusong sugatan, **Lu.** 4:18. Pinagaling sila sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kordero ng Diyos, **1 Ne.** 11:31. Kung naniniwala ka sa pagtubos ni Cristo, gagaling ka, **Alma** 15:8. Pinagaling niya ang bawat isa sa kanila, **3 Ne.** 17:9. Siya na may pananampalataya sa akin na mapagaling ay mapagagaling, **D at T** 42:48. Sa aking pangalan sila ay magpapagaling ng maysakit, **D at T** 84:68. Naniniwala kami sa kaloob na pagpapagaling, **S ng P** 1:7.

**PINAGBABAWAL NA BUNGANG-KAHOY.** *Tingnan sa* Eden; Pagkahulog nina Adan at Eva

**PINAGSABIHAN.** *Tingnan sa* Parusa, Pagpaparusa

**PINAHIRAN, ANG.** *Tingnan din sa* Jesucristo; Mesiyas

Si Jesus ang tinatawag na Cristo (isang salitang Griyego) o ang Mesiyas (isang salitang Aramaic). Ang dalawang salita ay kapwa nangangahulugang "ang pinahiran". Siya ang *pinahiran* ng Ama upang maging personal na kinatawan ng Ama sa lahat ng bagay na may kaugnayan sa kaligtasan ng sangkatauhan.

Pinahiran ako ng Panginoon, **Is.** 61:1–3. Pinahiran niya ang isa upang ipangaral ang ebanghelyo, **Lu.** 4:16–22. Pinahiran si Jesus ng Diyos Ama, **Gawa** 4:27. Pinahiran ng Diyos si Jesus ng Nazaret, **Gawa** 10:38.

**PINILI.** *Tingnan sa* Mamili, Namili, Pumili; Tawag, Tinawag ng Diyos, Pagkakatawag

**PINUNO.** *Tingnan sa* Katungkulan, Pinuno

**PITUMPU.** *Tingnan din sa* Apostol; Pagkasaserdoteng Melquisedec

Isang katungkulan kung saan inoordenan ang mga lalaki sa Pagkasaserdoteng Melquisedec. Ngayon, ang mga korum ng Pitumpu ang Pangkalahatang Maykapangyarihan sa Simbahan na binigyan ng kapangyarihang pang-apostol, subalit hindi inordenang mga Apostol. Inilalaan nila ang kanilang buong panahon sa ministeryo.

Ang Panginoon ay naghirang pa ng pitumpu, **Lu.** 10:1. Tinawag ang Pitumpu na mangaral ng ebanghelyo at maging mga natatanging saksi ni Jesucristo, **D at T** 107:25–26. Ang Pitumpu ay kikilos sa pangalan ng Panginoon, sa ilalim ng pamamahala ng Labindalawa, sa pagtatayo ng Simbahan at pamamahala ng lahat ng gawain ng nabanggit sa lahat ng bansa, **D at T** 107:34. Pipili ng iba pang pitumpu, maging makapitong pitumpu, kung ang gawain ay nangangailangan nito, **D at T** 107:93–97. Itinatag ang korum ng pitumpu para sa mga naglalakbay na elder upang magpatotoo sa aking pangalan sa buong sanlibutan, **D at T** 124:138–139.

**PLANO NG KALIGTASAN.** *Tingnan sa* Plano ng Pagtubos

**PLANO NG PAGTUBOS.** *Tingnan din sa* Bayad-sala, Pagbabayad-sala; Ebanghelyo; Jesucristo; Kaligtasan; Pagkahulog nina Adan at Eva

Ang kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo, na binalangkas upang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao. Lakip nito ang Paglikha, Pagkahulog, at Pagbabayad-sala, kasama ang lahat ng batas, ordenansa at doktrina na ibinigay ng Diyos. Pinapangyari ng plano na ito na ang lahat ng tao ay madakila at mabuhay na walang hanggan na kasama ng Diyos (2 Ne. 2, 9). Tinutukoy rin ng mga banal na kasulatan ang plano na ito bilang plano ng kaligtasan, plano ng kaligayahan, at plano ng awa.

Siya ay nasugatan dahil sa ating mga paglabag, **Is.** 53:5 (Mos. 14:5). Walang ibang pangalan sa silong ng langit na ibinigay sa mga tao, na sukat nating ikaligtas, **Gawa** 4:12. Kung paanong kay Adan ang lahat ay nangamatay, gayon din naman kay Cristo ang lahat ay bubuhayin, **1 Cor.** 15:22. Sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, **Ef.** 2:8 (2 Ne. 25:23). Ipinangako ng Diyos ang buhay na walang hanggan bago pa nagsimula ang mundo, **Tit.** 1:2. Si Jesus ang may-akda ng walang hanggang kaligtasan, **Heb.** 5:8–9. Ang plano ng pagtubos ay iginawad sa mga patay, **1 Ped.** 3:18–20; 4:6 (D at T 138). Tinutupad ng kamatayan ang maawaing plano ng dakilang Lumikha, **2 Ne.** 9:6. Kaydakila ng plano ng ating Diyos! **2 Ne.** 9:13. Pinapangyari ng plano ng pagtubos ang pagkabuhay na mag-uli at kapatawaran ng mga kasalanan, **Alma** 12:25–34. Itinuro ni Aaron ang plano ng pagtubos sa ama ni Lamoni, **Alma** 22:12–14. Ipinaliwanag ni Amulek ang plano ng kaligtasan, **Alma** 34:8–16. Ipinaliwanag ni Alma ang plano ng kaligtasan, **Alma** 42:5–26, 31. Ang mga doktrina ng paglikha, pagkahulog, pagbabayad-sala, at pagbibinyag ay pinatotohanan sa makabagong paghahayag, **D at T** 20:17–29. Ang plano ay inorden bago pa ang daigdig, **D at T** 128:22. Ang aking gawain at aking kaluwalhatian ay papangyarihin ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao, **Moi.** 1:39. Ito ang plano ng kaligtasan sa lahat ng tao, **Moi.** 6:52–62. Susubukin natin sila, **Abr.** 3:22–26.

**POOT, PAGKAPOOT.** *Tingnan din sa* Alitan; Paghihiganti; Pagmamahal

Ang poot ay isang matinding pagkamuhi sa isang tao o sa isang bagay.

Ako, ang Diyos, ay dinadalaw ang katampalasanan ng mga ama sa mga anak

ng mga yaong napopoot sa akin, **Ex.** 20:5. Ang anim na bagay na ito ang ipinagtatanim ng Panginoon, **Kaw.** 6:16. Hinahamak ng mangmang ang kanyang ina, **Kaw.** 15:20. Siya ay hinamak at itinakwil ng mga tao, **Is.** 53:3. Gumawa ng mabuti sa kanilang napopoot sa inyo, **Mat.** 5:44. Sapagkat kapopootan niya ang isa, at iibigin ang ikalawa; o kaya't magtatapat siya, at pawawalang halaga ang ikalawa, **Mat.** 6:24. Kayo ay kapopootan ng lahat ng mga tao dahil sa aking pangalan, **Mat.** 10:22. Bawat isa na gumagawa ng masama ay napopoot sa ilaw, **Juan** 3:20. Huwag hamakin ng sinuman ang iyong kabataan, **1 Tim.** 4:12. Sapagkat sila ay mayayaman kanilang hinahamak ang mga maralita, **2 Ne.** 9:30. Huwag hamakin ang mga paghahayag ng Diyos, **Jac.** 4:8. Mayroon silang walang hanggang pagkapoot sa amin, **Jac.** 7:24. Pinawalang kabuluhan ng mga tao ang mga payo ng Diyos, at ipinagwawalang-bahala ang kanyang mga salita, **D at T** 3:7. Kinamuhian ako at inusig dahil sa pagsasabi na nakakita ako ng pangitain, **JS—K** 1:25.

**PORNOGRAPIYA.** *Tingnan sa* Kalinisang-puri; Pakikiapid; Pangangalunya

**PRATT, ORSON**

Isa sa unang Labindalawang Apostol na tinawag matapos ang panunumbalik ng Simbahan sa panahon ngayon (D at T 124:128–129). Kasapi siya ng simbahan sa loob pa lamang ng anim na linggo nang ang Panginoon ay magbigay ng paghahayag sa kanya sa pamamagitan ni Joseph Smith (D at T 34). Si Orson Pratt ay isa ring misyonero ng Simbahan (D at T 52:26; 75:14) at naglingkod bilang mananalaysay ng Simbahan ng ilang taon.

**PRATT, PARLEY PARKER**

Nakatatandang kapatid ni Orson Pratt at isa sa unang Labindalawang Apostol na tinawag matapos ang panunumbalik ng Simbahan sa panahon ngayon (D at T 124:128–129). Tinawag si Parley Pratt sa unang ilang pangmisyonerong pagsisikap nang ang Panginoon ay nagbigay ng paghahayag sa kanya sa pamamagitan ni Joseph Smith noong Oktubre 1830 (D at T 32; 50:37).

**PROPESIYA, PAGPOPROPESIYA.** *Tingnan din sa* Paghahayag; Propeta; Propetisa; Tagakita

Ang isang propesiya ay naglalaman ng nabigyan-inspirasyon na banal na mga salita o sinulat, na tinatanggap ng isang tao sa pamamagitan ng paghahayag mula sa Espiritu Santo. Ang patotoo ni Jesus ay diwa ng propesiya (Apoc. 19:10). Ang propesiya ay maaaring nauukol sa nakaraan, kasalukuyan, o hinaharap. Kapag ang isang tao ay nagpopropesiya, siya ay nangungusap o sumusulat ng mga yaong nais ng Diyos na malaman niya, para sa kanyang sariling kabutihan o sa kabutihan ng iba. Bawat tao ay maaaring makatanggap ng propesiya o paghahayag para sa kanilang sariling buhay.

Ibigin nawa ng Diyos na ang buong bayan ng Panginoon ay maging mga propeta, **Blg.** 11:29. Ang iyong mga anak na lalaki't babae ay magpopropesiya, **Joel** 2:28 (Gawa 2:17–18). Kanyang ihahayag ang kanyang lihim sa kanyang mga tagapaglingkod na mga propeta, **Amos** 3:7. Walang propesiya sa banal na aklat na pansariling pagpapakahulugan, **2 Ped.** 1:20. Ang mga Nephita ay maraming paghahayag at diwa ng propesiya, **Jac.** 4:6, 13. Nalaman nina Alma at Amulek ang hangarin ng puso ni Zisrom sa pamamagitan ng diwa ng propesiya, **Alma** 12:7. Sa aba niya na magsasabi na ang Panginoon ay hindi na gumagawa sa pamamagitan ng propesiya, **3 Ne.** 29:6. Saliksikin ninyo ang mga propesiya ni Isaias, **Morm.** 8:23. Matutupad ang lahat ng propesiya, **D at T** 1:37–38. Ang tao ay kinakailangang tawagin ng Diyos sa pamamagitan ng propesiya, **S ng P** 1:5.

**PROPETA.** *Tingnan din sa* Paghahayag; Pangulo; Propesiya, Pagpopropesiya; Tagakita

Isang tao na tinawag at nangungusap

para sa Diyos. Bilang isang sugo ng Diyos, ang isang propeta ay nakatatanggap ng mga kautusan, propesiya, at paghahayag mula sa Diyos. Ang kanyang tungkulin ay ipaalam ang kalooban at tunay na katangian ng Diyos sa sangkatauhan at ipamalas ang kahulugan ng kanyang pakikitungo sa kanila. Binabatikos ng isang propeta ang kasalanan at inihahayag niya ang kahihinatnan nito. Isa siyang tagapangaral ng kabutihan. May pagkakataon na ang mga propeta ay binibigyan-inspirasyon na maghayag ng mangyayari sa hinaharap para sa kapakinabangan ng sangkatauhan. Ang una niyang tungkulin, gayunman, ay magpatotoo kay Cristo. Ang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang propeta ng Diyos sa mundo ngayon. Ang mga kasapi ng Unang Panguluhan at ng Labindalawang Apostol ay sinustena bilang mga propeta, tagakita, at tagahayag.

Ibigin nawa ng Diyos na ang buong bayan ng Panginoon ay maging mga propeta, **Blg.** 11:29. Kung may isang propeta, akong Panginoon ay pakikilala sa kanya sa isang pangitain, **Blg.** 12:6. Gayon man ay tumutol ang Panginoon sa Israel sa pamamagitan ng bawat propeta, **2 Hari** 17:13 (2 Cron. 36:15–16; Jer. 7:25). Inorden kitang propeta sa mga bansa, **Jer.** 1:5, 7. Kanyang ihahayag ang kanyang lihim sa kanyang mga tagapaglingkod na mga propeta, **Amos** 3:7. Sinabi niya sa pamamagitan ng kanyang mga banal na propeta, **Lu.** 1:70 (Gawa 3:21). Pinatotohanan si Cristo ng lahat ng mga propeta, **Gawa** 10:43. Ang Diyos ay naglagay ng mga propeta sa simbahan, **1 Cor.** 12:28 (Ef. 4:11). Itinatag ang Simbahan sa ibabaw ng kinasasaligan ng mga apostol at propeta, **Ef.** 2:19–20. Tinanggihan ng mga tao ang mga salita ng mga propeta, **1 Ne.** 3:17–18 (2 Ne. 26:3). Sa pamamagitan ng Espiritu ang lahat ng bagay ay maipababatid sa mga propeta, **1 Ne.** 22:1–2. Pumaroon si Cristo sa mga Nephita upang tuparin ang lahat ng kanyang winika sa pamamagitan ng mga bibig ng kanyang mga banal na propeta, **3 Ne.** 1:13 (D at T 42:39). Sila na hindi tatalima sa mga salita ng mga propeta ay ihihiwalay, **D at T** 1:14. Sila na mga naniniwala sa mga salita ng mga propeta ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan, **D at T** 20:26. Ang salita ng propeta ay inyong tatanggapin, na parang mula sa sarili kong bibig, **D at T** 21:4–6. Ang mga paghahayag at kautusan para sa Simbahan ay manggagaling lamang sa pamamagitan niya na hinirang, **D at T** 43:1–7. Ang tungkulin ng Pangulo ay mamuno sa buong Simbahan at maging katulad ni Moises, na maging propeta, **D at T** 107:91–92. Naniniwala kami sa mga propeta, **S ng P** 1:6.

**PROPETISA.** *Tingnan din sa* Propesiya, Pagpopropesiya

Isang babae na nakatatanggap ng patotoo tungkol kay Jesus at nagtatamasa ng diwa ng paghahayag. Hindi nagtataglay ang isang propetisa ng pagkasaserdote o ng mga susi nito. Bagamat iilan lamang sa mga kababaihan ang natatawag na propetisa sa banal na kasulatan, marami ang nagpropesiya, kagaya nina Rebeca, Ana, Elisabet, at Maria.

Tinawag si Miriam na isang propetisa, **Ex.** 15:20. Tinawag si Debora na isang propetisa, **Huk.** 4:4. Tinawag si Hulda na isang propetisa, **2 Hari** 22:14 (2 Cron. 34:22). Tinawag si Ana na isang propetisa, **Lu.** 2:36.

**PUMATAY.** *Tingnan sa* Mabigat na Kaparusahan; Pagpaslang

**PUNO NG OLIBO.** *Tingnan din sa* Israel; Langis

Isang puno na pangkaraniwan sa Israel at isang mahalagang kayamanang pang-agrikultura sa mga lupain sa Biblia. Inaalagaan ito dahil sa kanyang kahoy, bunga, at langis. Madalas gamitin ang puno ng olibo sa mga banal na kasulatan upang sumagisag sa sambahayan ni Israel.

Ang sambahayan ni Israel ay inihahalintulad sa isang punong olibo na ang

mga sanga ay binali at ikinalat, **1 Ne.** 10:12 (1 Ne. 15:12). Inihalintulad ng Panginoon ang sambahayan ni Israel sa isang likas na punong olibo, **Jac.** 5–6. Tinawag ni Joseph Smith ang paghahayag sa kabanata 88 na dahon ng olibo, **D at T** 88:pamuhatan. Inutusan ng isang maharlikang tao ang kanyang mga tagapaglingkod na tumungo sa kanyang olibohan at magtanim ng labindalawang punong olibo, **D at T** 101:43–62.

**PUNUNGKAHOY NG BUHAY.** *Tingnan din sa* Eden

Isang punungkahoy sa Halamanan ng Eden at ang paraiso ng Diyos (Gen. 2:9; Apoc. 2:7). Sa pangitain ni Lehi, ang punungkahoy ng buhay ay sumasagisag sa pag-ibig ng Diyos at ipinalalagay na pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos (1 Ne. 8; 11:21–22, 25; 15:36).

Mga kerubin at nagniningas na espada ang nag-iingat ng daan ng punungkahoy ng buhay, **Gen.** 3:24 (Alma 12:21–23; 42:2–6). Nakita ni Juan ang punungkahoy ng buhay, at ang mga dahon ay pampagaling sa mga bansa, **Apoc.** 22:2. Namalas ni Lehi ang punungkahoy ng buhay, **1 Ne.** 8:10–35. Nakita ni Nephi ang punungkahoy na nakita ng kanyang ama, **1 Ne.** 11:8–9. Ang gabay na bakal ang nagbibigay-daan patungo sa punungkahoy ng buhay, **1 Ne.** 11:25 (1 Ne. 15:22–24). Hinihiwalay ng kakilakilabot na look ang masasama sa punungkahoy ng buhay, **1 Ne.** 14:28, 36. Kinakailangan na magkaroon ng ipinagbabawal na bungang-kahoy na kasalungat ng punungkahoy ng buhay, **2 Ne.** 2:15. Lumapit sa Panginoon at kumain ng bunga ng punungkahoy ng buhay, **Alma** 5:34, 62. Kung ang ating mga unang magulang ay nakakain sa punungkahoy ng buhay, sila sana ay naging kaaba-aba magpakailanman, **Alma** 12:26. Kung hindi ninyo aalagaan ang salita, hindi kayo kailanman makapipitas ng bunga ng punungkahoy ng buhay, **Alma** 32:40. Itinanim ng Panginoon ang punungkahoy ng buhay sa gitna ng halamanan, **Moi.** 3:9 (Abr. 5:9). Pinalayas ng Diyos si Adan mula sa Eden na baka makakain siya sa punungkahoy ng buhay at mabuhay magpakailanman, **Moi.** 4:28–31.

**PUSO.** *Tingnan din sa* Bagbag na Puso; Isilang na Muli, Isinilang sa Diyos

Isang sagisag ng kaisipan at kalooban ng tao at ang matalinhagang pinagmumulan ng lahat ng damdamin at pakiramdam.

Ibigin ang Panginoon mong Diyos nang iyong buong puso, **Deut.** 6:5 (Deut. 6:3–7; Mat. 22:37; Lu. 10:27; D at T 59:5). Humahanap ang Panginoon ng isang tao ayon sa kanyang sariling puso, **1 Sam.** 13:14. Ang tao ay tumitingin sa panlabas na anyo, ngunit ang Panginoon ay tumitingin sa puso, **1 Sam.** 16:7. Siya na may malilinis na mga kamay at may dalisay na puso ay aakyat sa burol ng Panginoon at pagpapalain, **Awit** 24:3–5 (2 Ne. 25:16). Tulad ng iniisip ng isang tao sa kanyang puso, ay siya gayon, **Kaw.** 23:7. Ibabalik-loob ni Elijah ang mga puso ng mga ama sa kanilang mga anak, at ang mga puso ng mga anak sa kanilang mga ama, **Mal.** 4:5–6 (Lu. 1:17; D at T 2:2; 110:14–15; 138:47; JS—K 1:39). Pinagpala ang lahat ng may dalisay na puso, **Mat.** 5:8 (3 Ne. 12:8). Nangungusap ang isang tao mula sa kabutihan o kasamaan ng kanyang puso, **Lu.** 6:45. Sundin ang Anak nang may buong layunin ng puso, **2 Ne.** 31:13. Kayo ba ay espirituwal na isinilang sa Diyos at naranasan ang malaking pagbabago sa inyong mga puso? **Alma** 5:14. Iaalay bilang pinaka-hain sa Panginoon ang bagbag na puso at nagsisising Espiritu, **3 Ne.** 9:20 (3 Ne. 12:19; Eter 4:15; Moro. 6:2). Sasabihin ko sa iyo sa iyong isip at sa iyong puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo, **D at T** 8:2.

**PUTONG.** *Tingnan din sa* Buhay na Walang Hanggan

Isang bilog na palamuting isinusuot sa ulo ng mga pinuno. Maaari itong maging sagisag ng kapangyarihang selestiyal, pamamahala, at pagkadiyos. Yaong mga makapagtitiis hanggang wakas

sa pagsunod sa lahat ng kautusan ng Diyos ay makatatanggap ng putong ng buhay na walang hanggan. (Tingnan sa D at T 20:14; Moi. 7:56; JS—Mat. 1:1.)

Nalalaan para sa akin ang putong ng kabutihan, **2 Tim** 4:8. Magsisitanggap kayo ng di nasisirang putong ng kaluwalhatian, **1 Ped.** 5:4. Ang mga patay na nangamatay sa Panginoon ay tatanggap ng isang putong ng kabutihan, **D at T** 29:13. Sila ay makatatanggap ng putong sa mga tahanan ng aking Ama, **D at T** 59:2. Inihahanda ng Panginoon ang mga Banal na makarating sa putong na inihanda para sa kanila, **D at T** 78:15. Pinangakuan ng Panginoon ang kanyang mga Banal ng putong ng kaluwalhatian sa kanyang kanang kamay, **D at T** 104:7.

**RAFAEL.** *Tingnan din sa* Anghel, Mga

Ang anghel ng Panginoon na nakibahagi sa pagpapanumbalik ng lahat ng bagay (D at T 128:21).

**RAMEUMPTOM**

Sa Aklat ni Mormon, isang mataas na tinatayuan kung saan ang mga Zoramita, mga tumiwalag na Nephita, ay nanalangin (Alma 31:8–14).

**RAQUEL.** *Tingnan din sa* Jacob, Anak ni Isaac

Sa Lumang Tipan, ang asawa ni Jacob (Gen. 29–31, 35). Siya rin ang ina nina Jose at Benjamin.

**REBECA.** *Tingnan din sa* Isaac

Ang asawa ni Isaac, na isang patriyarka sa Lumang Tipan (Gen. 24–27). Si Rebeca ang ina nina Esau at Jacob (Gen. 25:23–26).

**REHOBOAM.** *Tingnan din sa* Solomon

Sa Lumang Tipan, ang anak ni Haring Solomon. Humalili siya sa kanyang ama at naghari ng labimpitong taon sa Jerusalem (1 Hari 11:43; 14:21, 31). Sa panahon ng paghahari ni Rehoboam, ang kaharian ay nahati sa kaharian ng Israel sa hilaga at sa kaharian ng Juda sa timog (1 Hari 11:31–36; 12:19–20). Namahala si Rehoboam sa kaharian ng Juda.

**REUEL.** *Tingnan sa* Jethro

**RIGDON, SIDNEY**

Isa sa mga naunang nagbalik-loob at pinuno sa pinanumbalik na Simbahan noong panahong 1830 at 1840. Sandaling panahon na nanungkulan si Sidney Rigdon bilang Unang Tagapayo ni Joseph Smith sa Unang Panguluhan ng Simbahan (D at T 35; 58:50, 57; 63:55–56; 76:11–12, 19–23; 90:6; 93:44; 100:9–11; 124:126). Di naglaon siya ay tumalikod sa katotohanan at itiniwalag noong Setyembre 1844.

**ROMA.** *Tingnan din sa* Imperyo ng Roma

Sa Bagong Tipan, ang kabisera ng Imperyo ng Roma, matatagpuan sa Ilog ng Tiber sa Italya (Gawa 18:2; 19:21; 23:11). Nagturo si Pablo ng ebanghelyo sa Roma nang siya ay isang bilanggo ng pamahalaang Romano (Rom. 1:7, 15–16; Gawa 28:14–31).

**RUBEN.** *Tingnan din sa* Israel; Jacob, Anak ni Isaac

Sa Lumang Tipan, ang panganay na anak nina Jacob at Lea (Gen. 29:32; 37:21–22, 29; 42:22, 37). Bagaman si Ruben ang panganay, nawala niya ang kanyang pagkapanganay dahil sa kasalanan (Gen. 35:22; 49:3–4).

*Ang lipi ni Ruben:* Ang pagbabasbas ni Jacob kay Ruben ay matatagpuan sa Genesis 49:3 at Deuteronomio 33:6. Ang bilang ng lipi ay unti-unting nabawasan, at bagaman ang lipi ay patuloy na umiiral, ito'y naging di gaanong mahalaga sa pamahalaan. Ang pagkapanganay ni Ruben ay napasa kay Jose at sa kanyang mga anak sapagkat si Jose ang panganay na anak ng pangalawang asawa ni Jacob, si Raquel (1 Cron. 5:1–2).

**RUTH.** *Tingnan din sa* Boaz

Sa Lumang Tipan, ang Moabitang manugang na babae nina Noemi at Elimelech, na mga Israelita. Pagkaraan ng pagkamatay ng kanyang asawa, nagpakasal si Ruth sa kamag-anak ni Noemi na si Boaz. Ang kanilang anak

na si Obed ang ninuno nina David at Cristo. Ang pagbabalik-loob ng isang di Israelita sa kawan ng Israel ay magandang inilarawan sa kasaysayan ni Ruth. Isinuko ni Ruth ang dati niyang dinidiyos at dating pamumuhay upang makiisa sa sambahayan ng pananampalataya sa pagsisilbi sa Diyos ng Israel (Ruth 1:16).

*Ang aklat ni Ruth:* Inilalarawan ng kabanata 1 ang buhay ni Elimelech at ng kanyang mag-anak sa Moab. Pagkaraan ng pagkamatay ng kanilang mga asawa, sina Noemi at Ruth ay nagtungo sa Betlehem. Ipinaliliwanag ng kabanata 2 na si Ruth ay namulot sa bukirin ni Boaz. Nasasaad sa kabanata 3 kung paano tinuruan ni Noemi si Ruth na magtungo sa giikan at dumapa sa mga paanan ni Boaz. Sa kabanata 4 ang pagpapakasal ni Ruth kay Boaz. Nagkaroon sila ng anak na lalaki, si Obed, kung kaninong angkan sina David at Cristo ay nanggaling.

**SABBATH.** *Tingnan sa* Araw ng Sabbath

**SADRACH.** *Tingnan din sa* Daniel

Sa Lumang Tipan, sina Sadrach, Mesach, at Abed-nego ang tatlong kabataang Israelitang kasama ni Daniel, na dinala sa palasyo ni Nabucodonosor, hari ng Babilonia. Ang pangalan ni Sadrach sa Hebreo ay Ananias. Umiwas ang apat na kabataang lalaki na mapahamak ang kanilang sarili sa pagkain at pag-inom ng alak ng hari (Dan. 1). Inihagis ng hari sa mabangis na hurnong nagniningas sina Sadrach, Mesach, at Abed-nego at iniligtas ng Anak ng Diyos (Dan. 3).

**SADUCEO, MGA.** *Tingnan din sa* Judio, Mga

Isang maliit subalit makapangyarihang partidong pampulitika o kasta sa gitna ng mga Judio. Kilalang-kilala marahil sila dahil sa kanilang mahigpit na paniniwala sa pagsunod sa sulat ng mga batas ni Moises at sa pagtanggi sa katotohanan ng mga espiritu at anghel at gayon din ng mga doktrina ng pagkabuhay na mag-uli at buhay na walang hanggan (Mar. 12:18–27; Gawa 4:1–3; 23:7–8).

**SAGISAG**

Sa mga banal na kasulatan, isang watawat o bandila kung saan ang mga tao ay nagtitipon sa pagkakaisa ng layunin o pagkakakilanlan. Noong unang panahon ang isang sagisag ay nagsisilbing lugar ng pagtitipon para sa mga kawal sa digmaan. Ang Aklat ni Mormon at ang Simbahan ni Jesucristo ay mga makahulugang sagisag sa lahat ng bansa sa mundo.

Magtataas siya ng isang sagisag sa mga bansa, **Is.** 5:26 (2 Ne. 15:26). Tatayo bilang sagisag ang isang ugat ni Jesse, **Is.** 11:10 (2 Ne. 21:10; D at T 113:6). Magtaas ng sagisag ng kapayapaan, **D at T** 105:39.

**SAGRADO.** *Tingnan sa* Kabanalan; Banal (pang-uri)

**SAGRADONG KAGUBATAN.** *Tingnan sa* Unang Pangitain

**SAKRAMENTO.** *Tingnan din sa* Bayad-sala, Pagbabayad-sala; Buhay na Tubig; Hain; Huling Hapunan; Jesucristo; Krus; Pagbibinyag, Binyagan; Tinapay ng Buhay

Sa mga Banal sa mga Huling Araw, tumutukoy ang *sakramento* sa ordenansa ng pakikibahagi ng tinapay at tubig bilang pag-alaala sa pagbabayad-sala ni Cristo. Ang pira-pirasong tinapay ay kumakatawan sa kanyang pinahirapang katawan; ang tubig ay kumakatawan sa dugong kanyang ibinuhos upang bayaran ang ating mga kasalanan (1 Cor. 11:23–25; D at T 27:2). Kapag tumanggap ng sakramento ang mga karapat-dapat na mga kasapi ng Simbahan, nangangako silang tataglayin sa kanilang sarili ang pangalan ni Cristo, aalalahanin siya sa tuwina, at susundin ang kanyang mga kautusan. Sa pamamagitan ng ordenansang ito, pinanunumbalik ng mga kasapi ng

Simbahan ang kanilang mga tipan sa binyag.

Sa Huling Hapunan, ipinaliwanag ni Jesus ang ordenansa ng sakramento habang siya ay kumakain kasama ang kanyang Labindalawang Apostol (Mat. 26:17–28; Lu. 22:1–20).

Dumampot si Jesus ng tinapay, at binasbasan ito; at dumampot siya ng isang saro, at nagpasalamat, **Mat.** 26:26–28 (Mar. 14:22–24; Lu. 22:19–20). Ang kumakain ng aking laman, at umiinom ng aking dugo, ay may buhay na walang hanggan, **Juan** 6:54. Siya na kumakain at umiinom nang di karapat-dapat ay kumakain at umiinom ng kapahamakan sa kanyang kaluluwa, **1 Cor.** 11:29 (3 Ne. 18:29). Itinuro ni Jesus sa kanyang mga disipulo na labindalawang Nephita ang tungkol sa sakramento, **3 Ne.** 18:1–11. Itinuro ni Jesus sa mga disipulong ito na ipagbawal sa taong hindi karapat-dapat ang pakikibahagi sa sakramento, **3 Ne.** 18:28–29 (Morm. 9:29). Ibinigay ang mga panalangin sa sakramento, **Moro.** 4–5 (D at T 20:75–79). Ang sakramento ay dapat pangasiwaan ng isang saserdote o elder, **D at T** 20:46, 76. Walang karapatang magbasbas ng sakramento ang mga guro at diyakono, **D at T** 20:58. Ang mga likido bukod sa alak ay maaaring gamitin para sa sakramento, **D at T** 27:1–4.

**SAKRIPISYO.** *Tingnan sa* Hain

**SAKSI.** *Tingnan din sa* Patotoo

Isang pahayag o iba pang katibayan na ang isang bagay ay totoo; isang patotoo. Ang isang saksi ay maaari ring isang tao na nagbibigay ng pahayag o katibayan na nababatay sa pansariling kaalaman; ibig sabihin, isang taong nagpapatotoo.

Huwag kang magbibintang sa iyong kapwa, **Ex.** 20:16. Ipangangaral ang ebanghelyo sa buong daigdig sa pagpapatotoo sa lahat ng bansa, **Mat.** 24:14 (JS—M 1:31). Kayo'y magiging mga saksi ko, **Gawa** 1:8. Ang Espiritu rin ang nagpapatotoo kasama ng ating espiritu, **Rom.** 8:16 (1 Juan 5:6). Kayo ay nahahandang tumayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon, **Mos.** 18:8–9. Nakikibahagi tayo ng sakramento upang sumaksi sa Ama na susundin natin ang mga kautusan at aalalahanin sa tuwina si Jesus, **3 Ne.** 18:10–11 (Moro. 4, 5; D at T 20:77–79). Wala kayong matatanggap na patunay hangga't hindi natatapos ang pagsubok sa inyong pananampalataya, **Eter** 12:6. Batas ng mga pagsaksi: sa bibig ng dalawa o tatlong saksi ang bawat salita ay mapagtitibay, **D at T** 6:28 (Deut. 17:6; Mat. 18:16; 2 Cor. 13:1; Eter 5:4; D at T 128:3). Pinaordenan ko kayo upang maging mga Apostol at natatanging saksi sa aking pangalan, **D at T** 27:12 (D at T 107:23). Ang Pitumpu ay tinawag upang maging mga natatanging saksi sa mga Gentil at sa buong daigdig, **D at T** 107:25. Magkaroon ng tagapagtala, at siya ang maging saksi sa inyong mga pagbibinyag, **D at T** 127:6 (D at T 128:2–4).

**SAKSI SA AKLAT NI MORMON, MGA.** *Tingnan din sa* Aklat ni Mormon; Saksi

Bukod kay Propetang Joseph Smith, ang Panginoon ay nag-utos sa iba pa upang magpatotoo sa kabanalan ng Aklat ni Mormon (D at T 17; 128:20). Tingnan ang mga patotoo ng mga saksing ito sa "Pambungad" sa unahan ng Aklat ni Mormon.

Sa pamamagitan ng mga salita ng tatlo ay pagtitibayin ko ang aking salita, **2 Ne.** 11:3. Magpapatotoo ang mga saksi sa kanyang salita sa mga anak ng tao, **2 Ne.** 27:12–13. Sa bibig ng tatlong saksi ang mga bagay na ito ay mapagtitibay, **Eter** 5:4. Makikita ng Tatlong Saksi ang mga lamina sa pamamagitan ng pananampalataya, **D at T** 17.

**SALAMAT, NAGPAPASALAMAT, PASASALAMAT.** *Tingnan din sa* Pagpapala, Pagpapalain, Pinagpala; Pagsamba

Pasasalamat sa mga pagpapalang natanggap mula sa Diyos. Ang pagtanaw ng utang na loob ay kasiya-siya sa Diyos, at kasama ng tunay na pagsamba ang pasasalamat sa kanya. Dapat

tayong magbigay-pasasalamat sa Panginoon sa lahat ng bagay.

Isang mabuting bagay ang magpasalamat sa Panginoon, **Awit** 92:1. Magsilapit sa kanyang harapan nang may pasasalamat, **Awit** 95:1–2. Mangagpasalamat sa kanya, at purihin ang kanyang pangalan, **Awit** 100:1–5. Huwag tumigil sa pagbibigay-pasasalamat, **Ef.** 1:15–16. Kayo'y maging mapagpasalamat, **Col.** 3:15. Pagpapala at kaluwalhatian, at pagpapasalamat, at karangalan nawa ang sumaaming Diyos, **Apoc.** 7:12. O, hindi ba't nararapat na pasalamatan ninyo ang inyong makalangit na Hari, **Mos.** 2:19–21. Mabuhay na nagpapasalamat araw-araw, **Alma** 34:38. Kapag ikaw ay bumangon sa umaga hayaang ang iyong puso ay mapuspos ng pasasalamat sa Diyos, **Alma** 37:37. Dapat ninyong gawin ang lahat ng bagay nang may panalangin at pasasalamat, **D at T** 46:7. Kayo ay kailangang magbigay ng pasalamat sa Diyos, **D at T** 46:32. Gawin ang mga bagay na ito nang may pasasalamat, **D at T** 59:15–21. Tanggapin ang mga pagpapalang ito mula sa kamay ng Panginoon, nang may mapagpasalamat na puso, **D at T** 62:7. Siya na tumatanggap ng lahat ng bagay nang may pasasalamat ay gagawing maluwalhati, **D at T** 78:19. Sa lahat ng bagay magbigay-pasasalamat, **D at T** 98:1 (1 Tes. 5:18). Purihin ang Panginoon nang may panalangin ng papuri at pasasalamat, **D at T** 136:28.

**SALAPI.** *Tingnan din sa* Ikapu; Kamunduhan; Kayamanan; Limos, Paglilimos

Mga sinsilyo, papel, katibayan, o mga bagay na ginagamit ng mga tao na pambayad sa mga ari-arian o paglilingkod. Ito minsan ay isang sagisag ng pagkamateryalismo.

Kayo ay matutubos ng walang salapi, **Is.** 52:3. Ang Labindalawa ay pinagbilinang huwag magdala ng anuman sa kanilang paglalakbay, kahit sulat, kahit tinapay, kahit salapi, **Mar.** 6:8. Sinabi ni Pedro kay Simon na mangkukulam na ang kanyang salapi ay mapapahamak na kasama niya, **Gawa** 8:20. Ang pag-ibig sa salapi ay ugat ng lahat ng uri ng kasamaan, **1 Tim.** 6:10. Huwag gugulin ang salapi sa mga yaong walang kabuluhan, **2 Ne.** 9:50–51 (Is. 55:1–2; 2 Ne. 26:25–27). Kung gagawa sila para sa pera, sila ay masasawi, **2 Ne.** 26:31. Bago kayo maghangad ng mga kayamanan, hanapin muna ninyo ang kaharian ng Diyos, **Jac.** 2:18–19. Ang mga simbahan ay magsasabi na dahil sa inyong salapi ay patatawarin ang inyong mga kasalanan, **Morm.** 8:32, 37. Siya na nagbibigay ng kanyang salapi para sa layunin ng Sion gayundin ay hindi mawawalan ng kanyang gantimpala, **D at T** 84:89–90.

**SALEM.** *Tingnan din sa* Jerusalem; Melquisedec

Ang lunsod sa Lumang Tipan kung saan naghari si Melquisedec. Maaaring ang kinaroroonan nito noon ay sa kasalukuyang kinatatayuan ng Jerusalem. Ang pangalang "Salem" ay katulad na katulad ng salitang Hebreo na ang ibig sabihin ay "Kapayapaan."

Si Melquisedec, na hari sa Salem, ay naglabas ng tinapay at alak, **Gen.** 14:18. Si Melquisedec, hari sa Salem, ay saserdote ng kataas-taasang Diyos, **Heb.** 7:1–2. Si Melquisedec ay hari sa buong lupain ng Salem, **Alma** 13:17–18.

**SALIGAN NG PANANAMPALATAYA, MGA.** *Tingnan din sa* Mahalagang Perlas; Smith, Joseph, Jr.

Labintatlong pangunahing pinagbabatayan ng paniniwala ng mga kasapi ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Unang isinulat ito ni Joseph Smith sa isang sulat kay John Wentworth, patnugot ng *Chicago Democrat,* bilang tugon sa kahilingan niyang malaman ang paniniwala ng mga kasapi ng Simbahan. Nakilala ang sulat bilang Sulat kay Wentworth at unang nalathala sa *Times and Seasons* noong Marso 1842. Noong ika-10 ng Oktubre 1880, ang

mga Saligan ng Pananampalataya ay pormal na tinanggap bilang banal na kasulatan na pinagtibay ng mga kasapi ng Simbahan at isinama bilang bahagi ng Mahalagang Perlas.

**SALIGANG-BATAS.** *Tingnan din sa* Batas; Pamahalaan

Sa Doktrina at mga Tipan, "ang Saligang-batas" ay tumutukoy sa Saligang-batas ng Estados Unidos ng Amerika, na lubos na pinatnubayan upang ihanda ang daan para sa pagpapanumbalik ng ebanghelyo.

Ang saligang-batas ay nararapat sundin, **D at T** 98:5–6. Pinapangyari ng Panginoong maitatag ang Saligang-batas, **D at T** 101:77, 80.

**SALITA.** *Tingnan sa* Jesucristo—Si Cristo bago pa naging mortal

**SALITA NG DIYOS.** *Tingnan din sa* Banal na Kasulatan, Mga; Kautusan ng Diyos, Mga; Paghahayag

Mga tagubilin, kautusan, o pahatid mula sa Diyos. Maaaring matanggap nang tuwiran ng mga anak ng Diyos ang kanyang salita sa pamamagitan ng paghahayag na manggagaling sa Espiritu o mula sa kanyang mga piniling tagapaglingkod (D at T 1:38).

Sa bawat salitang namumutawi sa bibig ng Panginoon nabubuhay ang tao, **Deut.** 8:3 (Mat. 4:4; D at T 84:43–44). Ang salita mo'y ilawan sa aking mga paa, at liwanag sa aking landas, **Awit** 119:105. Nangapuspos silang lahat ng Espiritu Santo at sinalita ang salita ng Diyos nang may katapangan, **Gawa** 4:31–33. Ang gabay na bakal ang salita ng Diyos na nagbibigay-daan patungo sa punungkahoy ng buhay, **1 Ne.** 11:25 (1 Ne. 15:23–25). Kayo ay manhid, kung kaya't hindi ninyo madama ang kanyang mga salita, **1 Ne.** 17:45–46. Sa aba niya na tatanggi sa salita ng Diyos! **2 Ne.** 27:14 (2 Ne. 28:29; Eter 4:8). Magpatuloy sa paglakad, na nagpapakabusog sa salita ni Cristo, **2 Ne.** 31:20 (2 Ne. 32:3). Dahil sa kanilang kawalang-paniniwala ay hindi nila maunawaan ang salita ng Diyos, **Mos.** 26:3 (Alma 12:10). Sinaliksik nila nang masigasig ang mga banal na kasulatan, upang malaman nila ang salita ng Diyos, **Alma** 17:2. Subukan ang bisa ng salita ng Diyos, **Alma** 31:5. Inihalintulad ni Alma ang salita ng Diyos sa isang binhi, **Alma** 32:28–43. Anuman ang kanilang sasabihin kapag pinakikilos ng Espiritu Santo ay magiging salita ng Panginoon, **D at T** 68:4. Mabuhay sa bawat salitang namumutawi sa bibig ng Diyos, **D at T** 84:44–45. Sinuman ang nagpapahalaga sa aking salita ay hindi malilinlang, **JS—M** 1:37.

**SALITA NG KARUNUNGAN**

Isang batas ng kalusugan na ipinahayag ng Panginoon para sa pisikal at espirituwal na kapakinabangan ng mga Banal (D at T 89). Ito ay karaniwang tinutukoy na Salita ng Karunungan. Sa tuwina ay nagtuturo ang Panginoon sa kanyang mga tagasunod ng mga alituntuning pangkalusugan. Ipinahayag ng Panginoon kay Joseph Smith kung anong uri ng mga pagkain ang nararapat kainin at alin ang dapat iwasang kainin, lakip ang pangako ng mga pagpapalang temporal at espirituwal sa pagsunod sa Salita ng Karunungan.

Huwag iinom ng alak o ng matapang na inumin, **Lev.** 10:9. Ang alak ay manunuya, at ang matapang na inumin ay manggugulo, **Kaw.** 20:1. Ang matapang na inumin ay magiging mapait sa kanila na magsisiinom nito, **Is.** 24:9. Hindi magpapakahamak ng kanyang sarili si Daniel sa pagkain at alak ng hari, **Dan.** 1:8. Sinumang dumungis ng templo ng Diyos, siya ay wawasakin ng Diyos, **1 Cor.** 3:16–17. Ang mga manlalango ay hindi mamamana ang kaharian ng Diyos, **1 Cor.** 6:10 (Gal. 5:21). Sinuman ang magbabawal sa tao na kumain ng karne ay hindi inordenan ng Diyos, **D at T** 49:18–21. Lahat ng bagay na mula sa lupa ay dapat gamitin nang may karunungan, hindi sa kalabisan, **D at T** 59:20. Pinayuhan ng Panginoon ang mga banal na huwag gu-

mamit ng alak, matatapang na inumin, tabako, at maiinit na inumin, **D at T** 89:1–9. Ang mga halamang gamot, prutas, laman, at butil ay itinalaga upang magamit ng mga tao at hayop, **D at T** 89:10–17. Ang pagsunod sa Salita ng Karunungan ay nagdudulot ng mga pagpapalang temporal at espirituwal, **D at T** 89:18–21.

**SALUNGAT.** *Tingnan sa* Pagdurusa

**SAM.** *Tingnan din sa* Lehi, Ama ni Nephi

Sa Aklat ni Mormon, ang pangatlong anak ni Lehi (1 Ne. 2:5). Siya ay isang matwid at banal na tao na piniling sumunod sa Panginoon (1 Ne. 2:17; 2 Ne. 5:5–6; Alma 3:6).

**SAMARIA.** *Tingnan din sa* Samaritano, Mga

Sa Lumang Tipan, ang kabisera ng hilagang kaharian ng Israel (1 Hari 16:23–24). Dahil sa makapangyarihang pandigmaang katayuan nito sa tuktok ng burol, hindi ito mabihag ng mga taga-Asiria hanggang sa pagkaraan ng tatlong taong paglusob nito (2 Hari 17:5–6). Muli itong itinayo ni Herodes at tinawag itong Sebaste. Sa panahon ng Bagong Tipan, Samaria ang pangalan ng buong pangunahing distrito ng Palestina sa kanluran ng Jordan.

**SAMARITANO, MGA.** *Tingnan din sa* Samaria

Mga sinaunang tao sa Biblia na nanirahan sa Samaria matapos sakupin ng mga taga-Asiria ang hilagang kaharian ng Israel. Bahagyang Israelita at bahagyang Gentil ang mga Samaritano. Ang kanilang relihiyon ay pinaghalong mga paniniwala at kaugalian ng Judio at pagano. Ang parabula ng mabuting Samaritano sa Lucas 10:25–37 ay nagpapakita ng pagkamuhing nabuo sa mga Judio para sa mga Samaritano dahil ang mga Samaritano ay tumalikod mula sa relihiyon ng Israelita. Inatasan ng Panginoon ang mga Apostol na magturo ng ebanghelyo sa mga Samaritano (Gawa 1:6–8). Matagumpay na nangaral ng ebanghelyo ni Cristo si Felipe sa mga tao ng Samaria at nagsagawa ng maraming himala sa gitna nila (Gawa 8:5–39).

**SAMBAYANAN NI ISRAEL.** *Tingnan sa* Israel

**SAMPUNG KAUTUSAN.** *Tingnan sa* Kautusan, Ang Sampung

**SAMPUNG LIPI.** *Tingnan sa* Israel

**SAMSON**

Sa Lumang Tipan, ang panlabindalawang "hukom" ng Israel. Siya'y kilala sa kanyang napakalakas na katawan, subalit hindi siya naging matalino sa pagpili ng mabuti at sa mga gawa (Huk. 13:24–16:31).

**SAMUEL, ANG LAMANITA**

Isang Lamanitang propeta sa Aklat ni Mormon na isinugo ng Panginoon upang turuan at bigyang-babala ang mga Nephita bago isilang ang Tagapagligtas. Nagpropesiya si Samuel ng mga palatandaan na may kaugnayan sa pagsilang at kamatayan ni Jesucristo at ng pagkalipol ng mga Nephita (Hel. 13–16).

**SAMUEL, PROPETA SA LUMANG TIPAN**

Anak nina Elcana at Ana, ipinanganak si Samuel bilang kasagutan sa panalangin ng kanyang ina (1 Sam 1). Bilang isang bata inilagay siya sa pangangalaga ni Eli, mataas na saserdote sa tabernakulo sa Silo (1 Sam. 2:11; 3:1). Tinawag ng Panginoon si Samuel sa murang edad upang maging isang propeta (1 Sam. 3). Pagkaraan ng pagkamatay ni Eli, naging dakilang propeta at hukom sa Israel si Samuel at pinanumbalik ang batas, kaayusan, at kinaugaliang pagsambang pangrelihiyon sa lupain (1 Sam. 4:15–18; 7:3–17).

Nilalaman ng 1 Samuel 28:5–20 ang kasaysayan ni Samuel sa pagkakaahon mula sa patay sa pamamagitan ng mangkukulam sa Endor sa kahilingan ni Haring Saul. Hindi ito maaaring maging isang pangitain mula sa Diyos, sapagkat ang isang mangkukulam o

iba pang nakikipagsanggunian sa masasamang espiritu ay hindi kayang hikayatin ang isang propeta na magpakita sa kanyang kahilingan (1 Sam. 28:20; 31:1–4).

*Ang mga aklat ng 1 at 2 Samuel:* Sa ibang mga Biblia, ang mga aklat ng 1 at 2 Samuel ay iisang aklat. Sa iba ang mga ito ay dalawang aklat. Ang mga aklat ay sumasaklaw sa panahong mga 130 taon, mula nang isilang si Samuel hanggang bago mamatay si Haring David.

*Ang aklat ng 1 Samuel:* Inilalarawan ng mga kabanata 1–4 na isinumpa at pinarusahan ng Panginoon ang mag-anak ni Eli at tinawag si Samuel bilang mataas na saserdote at hukom. Nasasaad sa mga kabanata 4–6 kung paano nahulog sa mga kamay ng mga Filisteo ang kaban ng tipan. Natatala sa mga kabanata 7–8 ang mga babala ni Samuel tungkol sa pagkakaroon ng mga huwad na diyos at isang haring masama. Inilalarawan ng mga kabanata 9–15 ang pagpuputong ng putong kay Saul at sa kanyang paghahari. Nasasaad sa mga kabanata 16–31 ang kasaysayan ni David at ang pagtatamo niya ng kapangyarihan—Pinahiran ni Saul si David na siyang pumaslang kay Goliat. Kinapootan ni Saul si David, subalit tumanggi si David na patayin si Saul bagaman siya ay nagkaroon ng pagkakataong gawin ito.

*Ang aklat ng 2 Samuel:* Ang aklat ay naglalaman ng mga inisa-isang salaysay tungkol sa pamumuno ni David bilang hari ng Juda at kalaunan, ng buong Israel. Ipinakikita sa mga kabanata 1–4 ang matagal na pagtutunggalian ng mga tagasunod ni David, matapos siyang putungan ni Juda, at ng mga tagasunod ni Saul. Ipinakikita sa mga kabanata 5–10 na si David ay naging makapangyarihan sa maraming lupain. Ipinakikita sa mga kabanata 11–21 ang panghihinang espirituwal ni David dahil sa kanyang mga kasalanan at ang himagsikan sa loob ng sarili niyang mag-anak. Inilalarawan sa mga kabanata 22–24 ang pagtatangka ni David na makipagkasundo sa Panginoon.

**SANEDRIN.** *Tingnan din sa* Judio, Mga

Ang senado ng Judio at ang pinakamataas na korte ng Judio maging sa mga bagay na sibil at pansimbahan. Ang Sanedrin ay binubuo ng pitumpu't isang kasapi na pinili mula sa mga punong saserdote, escriba, at elder. Ito'y kalimitang tinatawag na Sanedrin sa mga banal na kasulatan (Mat. 26:59; Mar. 14:55; Gawa 5:34).

**SANLIBUTAN.** *Tingnan sa* Daigdig

**SANTIAGO, ANAK NI ALFEO**

Isa sa Labindalawang Apostol na pinili ni Jesus sa panahon ng kanyang mortal na pagmiministeryo (Mat. 10:3; Mar. 3:18; Lu. 6:15; Gawa 1:13).

**SANTIAGO, ANAK NI ZEBEDEO**

Isa sa Labindalawang Apostol na pinili ni Jesus sa panahon ng kanyang mortal na pagmiministeryo. Kapatid siya ni Juan. Isa siya sa tatlong Apostol na pinili upang makasama ni Jesus sa mga natatanging pagkakataon: sa pagpapabangon sa anak ni Jairo (Mar. 5:37), sa Pagbabagong-anyo (Mat. 17:1; Mar. 9:2; Lu. 9:28), at sa Getsemani (Mat. 26:37; Mar. 14:33). Kasama sina Pedro at Juan, pinanumbalik niya ang Pagkasaserdoteng Melquisedec sa mundo sa pamamagitan ng pag-oorden kay Joseph Smith (D at T 27:12; 128:20; JS—K 1:72).

**SANTIAGO, KAPATID NG PANGINOON**

Sa Bagong Tipan, kapatid ng Panginoon (Gal. 1:19) at nina Jose, Simon, Judas, at ilang mga kapatid na babae (Mat. 13:55–56; Mar. 6:3; Jud. 1:1). Kilala rin siya bilang Santiago ang Matwid at nanunungkulan ng isang mahalagang tungkulin sa Simbahan sa Jerusalem (Gawa 12:17; 15:13; 1 Cor. 15:7; Gal. 2:9–12). Marahil siya ang sumulat ng sulat ni Santiago.

*Ang sulat ni Santiago:* Isang aklat sa Bagong Tipan. Orihinal itong sulat na pi-

natutungkol sa labindalawang lipi ni Israel na ikinalat sa iba't ibang dako at isinulat marahil sa Jerusalem. Naglalaman ang sulat ng ilang bagay na binanggit nang maliwanag hinggil sa praktikal na relihiyon, kasama ang mahalagang payo sa kabanata 1 na kung ang isang tao ay nagkukulang ng karunungan, dapat siyang humingi ng tulong sa Diyos (Sant. 1:5–6; JS—K 1:9–20). May kaugnayan sa pananampalataya at paggawa ang kabanata 2. Nasasaad sa mga kabanata 3–4 ang kinakailangan upang mapigilan ang dila at pinayuhan ang mga Banal na huwag magsalita ng masama sa isa't isa. Hinihimok sa kabanata 5 ang mga Banal na magkaroon ng pagtitiis at tawagin ang mga elder para sa pagbabasbas kung maysakit; ito rin ay nagtuturo ng mga pagpapala ng pagtulong sa pagbabalik-loob ng iba.

**SAPALARAN**

Isang paraan ng pagpili o pag-alis ng maraming pinagpipilian, kadalasang ginagawa sa pamamagitan ng pagpili ng isang pirasong papel o pirasong kahoy sa karamihan. Ito ay tinatawag na pagsasapalaran.

Kanilang binahagi ang kanyang mga damit, na kanilang pinagsapalaran, **Mat.** 27:35 (Awit 22:18; Mar. 15:24; Lu. 23:34; Juan 19:24). Sila ay pinagsapalaran nila, at nagkapalad si Matias, **Gawa** 1:23–26. Kami ay nagpalabunutan—kung sino sa amin ang nararapat na pumasok sa tahanan ni Laban, **1 Ne.** 3:11.

**SARA.** *Tingnan din sa* Abraham

Sa Lumang Tipan, ang unang asawa ni Abraham. Sa kanyang katandaan naging ina siya ni Isaac (Gen. 18:9–15; 21:2).

**SARIA.** *Tingnan din sa* Lehi, Ama ni Nephi

Sa Aklat ni Mormon, ang asawa ni Lehi (1 Ne. 5:1–8; 8:14–16; 18:19) at ang ina nina Laman, Lemuel, Sam, Nephi, Jacob, Jose, at ng mga anak na babae (1 Ne. 2:5; 2 Ne. 5:6).

**SASERDOTE, PAGKASASERDOTENG AARON.** *Tingnan din sa* Aaron, Kapatid ni Moises; Mataas na Saserdote; Pagkasaserdoteng Aaron

Isang katungkulan sa Pagkasaserdoteng Aaron. Noong unang panahon, ang pinakamataas na katungkulan sa Levitikal na Pagkasaserdote ay hinawakan lamang ni Aaron at ng kanyang mga inapo. Nang tuparin ni Cristo ang mga batas ni Moises, ang paghihigpit na ito ay inalis.

Ang mga tungkulin ng isang saserdote sa pinanumbalik na Simbahan ay isinalarawan, **D at T** 20:46–52.

**SASERDOTE, PAGKASASERDOTENG MELQUISEDEC.** *Tingnan din sa* Mataas na Saserdote; Pagkasaserdoteng Melquisedec

Isang taong gumaganap ng mga pangrelihiyong seremonya para sa iba at itinutuon sa Diyos. Kadalasan sa mga banal na kasulatan, ang mga saserdote ay tunay na matataas na saserdote alinsunod sa orden ni Melquisedec (Alma 13:2). Ang mga yaong makatatanggap ng kaganapan ng kaluwalhatian ng Diyos matapos ang pagkabuhay na mag-uli ay magiging mga saserdote at hari sa daigdig na selestiyal.

Si Melquisedec ay isang saserdote ng kataas-taasang Diyos, **Gen.** 14:18. Ikaw ay isang saserdote magpakailanman alinsunod sa orden ni Melquisedec, **Awit** 110:4 (Heb. 5:6; 7:17, 21). Si Cristo ay ginawa tayong mga hari at saserdote sa Diyos at sa kanyang Ama, **Apoc.** 1:6 (Apoc. 5:10; 20:6). Tandaan na ang Panginoong Diyos ay nag-orden ng mga saserdote alinsunod sa kanyang banal na orden, **Alma** 13:1–20. Ang mga yaong babangon sa pagkabuhay na mag-uli ng mga makatarungan ay mga saserdote at hari, **D at T** 76:50, 55–60.

**SATANAS.** *Tingnan sa* Diyablo

**SAUL, HARI NG ISRAEL**

Sa Lumang Tipan, ang unang hari ng Israel bago ito nahati. Bagaman siya'y naging mabuti sa simula ng kanyang paghahari, di naglaon siya'y napuspos ng kapalaluan at naging suwail sa Diyos (1 Sam. 9–31).

**SAUL NG TARSO.** *Tingnan sa* Pablo

**SEKSUWAL NA IMORALIDAD.** *Tingnan din sa* Mahalay, Kahalayan; Pakikiapid; Pangangalunya

Sadyang pakikiapid, pangangalunya, homoseksuwal, katomboyan, o iba pang kasamaan, di pangkaraniwan, o malalaswang gawain.

Painumin natin ng alak ang ating ama, at sisiping tayo sa kanya, **Gen.** 19:30–36. Yumaon si Ruben at sumiping kay Bilha na babae ng kanyang ama, **Gen.** 35:22 (Gen. 49:4; 1 Cron. 5:1). Ang homoseksuwal at iba pang kalaswaan ay karumal-dumal, **Lev.** 18:22–23. Kung dahasin ng lalaki ang isang dalaga at sumiping sa kanya, ang lalaki lamang ang nagkasala, **Deut.** 22:25–27. Ang bawat tumingin sa isang babae nang may pagnanasa sa kanya ay nagkakasala na ng pakikiapid sa kanyang puso, **Mat.** 5:28 (3 Ne. 12:28). Pangangalunya, karumihan, masamang pita ay pagsamba sa mga diyus-diyusan, **Col.** 3:5. Sa mga huling araw walang katutubong pag-ibig ang mga tao, **2 Tim.** 3:1–3. Nakasusuklam ang seksuwal na kasalanan, **Alma** 39:3–5.

**SELESTIYAL NA KALUWALHATIAN.** *Tingnan sa* Kaluwalhatiang Selestiyal

**SEM.** *Tingnan din sa* Noe, Patriyarka sa Biblia

Sa Lumang Tipan, ang mabuting anak ni Noe at, ayon sa kinaugalian, ang ninuno ng mga Semita, mga taong kabilang ang mga Arabo, Hebreo, taga-Babilonia, taga-Siria, taga-Asiria (Gen. 5:29–32; 6:10; 7:13; 9:26; 10:21–32; Moi. 8:12). Sa paghahayag sa huling araw si Sem ay tinutukoy bilang "ang dakilang mataas na saserdote" (D at T 138:41).

**SENTURYON**

Isang pinuno sa hukbong Romano na siyang namumuno sa isang pangkat ng 50 hanggang 100 tauhan. Ang gayong pangkat ay bumubuo ng mga ikaanimnapung bahagi ng isang lehiyong Romano. (Tingnan sa Mat. 8:5; Lu. 23:47; Gawa 10:1–8.)

**SEREM.** *Tingnan din sa* Anti-Cristo

Isang lalaki sa Aklat ni Mormon na nagtatwa kay Cristo at humingi ng isang palatandaan (Jac. 7:1–20).

**SET.** *Tingnan din sa* Adan

Sa Lumang Tipan, ang mabuting anak nina Adan at Eva.

Isang sakdal na lalaki si Set, at ang kanyang wangis ay siya ring anyo ng kanyang ama, **D at T** 107:42–43 (Gen. 5:3). Si Set ay isa sa mga makapangyarihan sa daigdig ng mga espiritu, **D at T** 138:40. Ipinakilala ng Diyos ang kanyang sarili kay Set, **Moi.** 6:1–3, 8–14.

**SHIZ.** *Tingnan din sa* Jaredita, Mga

Isang pinunong militar na Jaredita sa Aklat ni Mormon. Namatay siya sa katapusan ng matinding labanan na lumipol sa buong bayan ng Jaredita (Eter 14:17–15:31).

**SIBLON.** *Tingnan din sa* Alma, Anak ni Alma

Sa Aklat ni Mormon, isang anak ng Nakababatang Alma. Nagturo si Siblon ng ebanghelyo sa mga Zoramita at inusig dahil sa kanyang kabutihan. Iniligtas siya ng Panginoon sa mga pag-uusig sa kanya dahil sa kanyang katapatan at pagtitiis (Alma 38). Iningatan din ni Siblon ang mga talaan ng mga Nephita nang sandaling panahon (Alma 63:1–2, 11–13).

**SIMBAHAN, MAKAPANGYARIHAN AT KARUMAL-DUMAL NA.** *Tingnan sa* Diyablo—Ang simbahan ng diyablo

**SIMBAHAN, MGA PALATANDAAN NG TUNAY NA.** *Tingnan din sa* Palatandaan;

Simbahan ni Jesucristo;
Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Ang

Mga doktrina at gawain ng isang Simbahan na magpapakitang sinasang-ayunan ito ng Diyos at ang paraang itinatag ng Panginoon para sa kanyang mga anak upang matamo ang ganap niyang mga pagpapala. Ang mga sumusunod ay ilan sa mga palatandaan ng tunay na Simbahan:

*Tamang pang-unawa sa Panguluhang Diyos:* Nilalang ng Diyos ang tao alinsunod sa sarili niyang larawan, **Gen.** 1:26–27. Nakipag-usap ang Panginoon kay Moises nang harapan, **Ex.** 33:11. Ang buhay na walang hanggan ay ang makilala ang Diyos Ama at si Jesucristo, **Juan** 17:3. Ang Ama at Anak ay may mga katawang may laman at mga buto, **D at T** 130:22–23. Nagpakita ang Ama at ang Anak kay Joseph Smith, **JS—K** 1:15–20. Naniniwala kami sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, **S ng P** 1:1.

*Mga pangunahing alituntunin at ordenansa:* Maliban na ang tao'y isilang sa tubig at sa Espiritu, **Juan** 3:3–5. Magsisi at magpabinyag, ang bawat isa sa inyo, sa pangalan ni Jesucristo, **Gawa** 2:38. Pagkatapos kanilang ipinatong ang kanilang mga kamay sa kanila, at natanggap nila ang Espiritu Santo, **Gawa** 8:14–17. Maging mga anak ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo, **Gal.** 3:26–27. Magsisi kayo, at magpabinyag sa pangalan ng aking Bugtong na Anak, **2 Ne.** 31:11–21. Sila na naniwala ay bininyagan at tinanggap ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, **D at T** 76:50–53. Wastong pagkasaserdote ay kinakailangan upang makapagbinyag at makapagbigay ng kaloob na Espiritu Santo, **JS—K** 1:70–72. Inilarawan ang mga pangunahing alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo, **S ng P** 1:4.

*Paghahayag:* Kung saan walang pangitain, ang mga tao ay sumasama, **Kaw.** 29:18. Ipinahahayag ng Panginoon ang kanyang mga lihim sa kanyang mga propeta, **Amos** 3:7. Itinayo ang Simbahan sa bato ng paghahayag, **Mat.** 16:17–18 (D at T 33:13). Sa aba niya na magsasabing ang Panginoon ay hindi na gumagawa sa pamamagitan ng paghahayag, **3 Ne.** 29:6. Ibinibigay lamang ang mga paghahayag at kautusan sa pamamagitan ng isang hinirang, **D at T** 43:2–7. Naniniwala kami sa lahat ng ipinahayag ng Diyos, **S ng P** 1:9.

*Mga propeta:* Itinatag ang simbahan sa saligan ng mga Apostol at propeta, **Ef.** 2:19–20. Mahalaga ang mga Apostol at propeta sa Simbahan, **Ef.** 4:11–16. Tinawag si Joseph Smith na maging tagakita, propeta, at Apostol, **D at T** 21:1–3. Naniniwala kami sa mga propeta, **S ng P** 1:6.

*Karapatan:* Binigyan ni Jesus ang kanyang mga disipulo ng kapangyarihan at karapatan, **Lu.** 9:1–2 (Juan 15:16). Si Nephi, na anak ni Helaman, ay may dakilang karapatan mula sa Diyos, **Hel.** 11:18 (3 Ne. 7:17). Ang propeta ang siyang tatanggap ng mga kautusan para sa Simbahan, **D at T** 21:4–5. Walang sinumang mangangaral ng ebanghelyo o magtatatag ng Simbahan maliban sa siya ay inordenan ng isang may karapatan, **D at T** 42:11. Ipangangaral ng mga elder ang ebanghelyo, gumaganap nang may karapatan, **D at T** 68:8. Sinumang nangangaral o naglilingkod sa Diyos ay kinakailangang tawagin ng Diyos sa pamamagitan ng mga yaong may karapatan, **S ng P** 1:5.

*Mga karagdagang banal na kasulatan ay lilitaw:* Ang talaan ni Juda ay isasama sa talaan ni Jose, **Ez.** 37:15–20. Ibinadya ang pagkakaroon ng mga banal na kasulatan sa huling araw, **1 Ne.** 13:38–41. Naniniwala kami na ang Diyos ay maghahayag pa ng maraming dakila at mahalagang bagay, **S ng P** 1:9.

*Kaayusan ng Simbahan:* Itinatag ang Simbahan sa saligan ng mga Apostol at propeta, **Ef.** 2:19–20. Mahalaga ang mga Apostol at propeta sa Simbahan, **Ef.** 4:11–16. Si Cristo ang pinuno ng Simbahan, **Ef.** 5:23. Kailangang tawa-

gin ang Simbahan ni Cristo sa kanyang pangalan, **3 Ne.** 27:8. Naniniwala kami sa samahan ding yaon na umiral sa Sinaunang Simbahan, **S ng P** 1:6.

*Gawaing pangmisyonero:* Dahil dito magsihayo kayo, at turuan ang lahat ng bansa, **Mat.** 28:19–20. Tumawag ng pitumpu upang mangaral ng ebanghelyo, **Lu.** 10:1. Sila ay nagnais na ipahayag ang kaligtasan sa bawat nilikha, **Mos.** 28:3. Hahayo ang mga elder, mangangaral ng aking ebanghelyo, nang dala-dalawa, **D at T** 42:6. Ang ebanghelyo ay dapat na maipangaral sa bawat kinapal, **D at T** 58:64.

*Mga espirituwal na kaloob:* Sila ay nagsimulang magsalita sa iba't ibang wika, **Gawa** 2:4. Ang mga elder ang magpapagaling sa maysakit, **Sant.** 5:14. Huwag itatwa ang mga kaloob ng Diyos, **Moro.** 10:8. Itinala ang mga espirituwal na kaloob, **D at T** 46:13–26 (1 Cor. 12:1–11; Moro. 10:9–18).

*Mga templo:* Makikipagtipan ako at itatatag ang aking santuwaryo sa gitna nila magpakailanman, **Ez.** 37:26–27. Ang Panginoon ay biglang paroroon sa kanyang templo, **Mal.** 3:1. Nagtayo si Nephi ng isang templo, **2 Ne.** 5:16. Pinarusahan ang mga Banal dahil sa nabigong itayo ang bahay ng Panginoon, **D at T** 95 (D at T 88:119). Nagtatayo ng mga templo sa tuwina ang mga tao ng Panginoon para sa pagsasagawa ng mga banal na ordenansa, **D at T** 124:37–44. Ang pagtatayo ng mga templo at pagsasagawa ng mga ordenansa ay bahagi ng dakilang gawain sa huling araw, **D at T** 138:53–54.

**SIMBAHAN, PANGALAN NG.**

*Tingnan din sa* Mormon (Mga); Simbahan ni Jesucristo; Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Ang

Sa Aklat ni Mormon, nang dalawin ni Jesucristo ang mabubuting Nephita pagkatapos ng kanyang pagkabuhay na mag-uli, sinabi niya na nararapat dalhin ng kanyang simbahan ang pangalan niya (3 Ne. 27:3–8). Ngayong makabagong panahon ipinahayag ng Panginoon na ang pangalan ng Simbahan ay "Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw" (D at T 115:4).

**SIMBAHAN NI JESUCRISTO.**

*Tingnan din sa* Banal (pangngalan); Kaharian ng Diyos o Kaharian ng Langit; Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo; Simbahan, Mga Palatandaan ng Tunay na; Simbahan, Pangalan ng; Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Ang

Isang samahan ng mga naniniwala na nagtaglay sa kanilang sarili ng pangalan ni Jesucristo sa pamamagitan ng binyag at pagpapatibay. Upang maging tunay na Simbahan, kinakailangang maging Simbahan ito ng Panginoon; kailangang taglay ang kanyang karapatan, mga aral, batas, ordenansa, at pangalan; at kailangang pinamamahalaan niya sa pamamagitan ng mga kinatawang hinirang niya.

Nagdaragdag ang Panginoon sa Simbahan araw-araw, **Gawa** 2:47. Tayo, na marami, ay isang katawan kay Cristo, **Rom.** 12:5. Sa isang Espiritu bininyagan tayong lahat sa isang katawan, **1 Cor.** 12:13. Itinatag ang Simbahan sa saligan ng mga Apostol at propeta, **Ef.** 2:19–20. Mahalaga ang mga Apostol at propeta sa Simbahan, **Ef.** 4:11–16. Si Cristo ang pinuno ng Simbahan, **Ef.** 5:23. Sa kabila ng pagkakaroon ng maraming Simbahan, ang lahat ng ito ay isang Simbahan, **Mos.** 25:19–22. Ang Simbahan ay nilinis at isinaayos, **Alma** 6:1–6. Kailangang tawagin ang Simbahan ni Cristo sa kanyang pangalan, **3 Ne.** 27:8. Ang Simbahan ay madalas na nagtitipun-tipon upang mag-ayuno at manalangin at makipag-usap, **Moro.** 6:5. Ito ang tanging tunay at buhay na Simbahan, **D at T** 1:30. Ang Simbahan ni Cristo ay sumikat sa mga huling araw na ito, **D at T** 20:1. Tumatawag ang Panginoon ng kanyang mga tagapaglingkod upang itatag ang kanyang Simbahan, **D at T** 39:13. Sapagkat sa ganito

tatawagin ang aking Simbahan sa mga huling araw, **D at T** 115:4.

**SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW, ANG.** *Tingnan din sa* Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo; Simbahan, Mga Palatandaan ng Tunay na; Simbahan, Pangalan ng; Simbahan ni Jesucristo

Ang pangalang ibinigay sa Simbahan ni Cristo sa mga huling araw upang makilala ito mula sa Simbahan ng iba pang dispensasyon (D at T 115:3–4).

Magbubuhos ng kaalaman ang Panginoon sa mga Banal sa mga Huling araw, **D at T** 121:33. Si Joseph Smith ang propeta at tagakita ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, **D at T** 127:12. Ang dakilang araw ng Panginoon ay nalalapit na para sa mga Banal sa mga Huling Araw, **D at T** 128:21, 24. Si Joseph Smith ay tumulong upang matipon ang mga Banal sa mga Huling Araw, **D at T** 135:3. Mga samahan ng mga Banal sa mga Huling Araw ay isasaayos para sa gagawing paglalakbay sa kanlurang bahagi ng Estados Unidos, **D at T** 136:2. Nilinaw ang mga batas ng kasal para sa mga Banal sa mga Huling Araw, **D at T** OP—1. Ang pagkasaserdote ay ibinibigay sa lahat ng karapat-dapat na lalaking kasapi ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, **D at T** OP—2. Ang ulat ng Unang Pangitain sa lahat ng Banal sa mga Huling Araw, **JS—K** 1:1.

**SIMEON.** *Tingnan din sa* Israel; Jacob, Anak ni Isaac

Sa Lumang Tipan, ang pangalawang anak ni Jacob at ng kanyang asawang si Lea (Gen. 29:33; 35:23; Ex. 1:2). Nakisama siya kay Levi sa pagpatay sa mga Sichemita (Gen. 34:25–31). Matatagpuan sa Genesis 49:5–7 ang propesiya ni Jacob tungkol kay Simeon.

*Ang lipi ni Simeon:* Kadalasang naninirahan na kasama ng lipi ni Juda ang lipi ni Simeon at sa loob ng mga hangganan ng kaharian ng Juda (Jos. 19:1–9; 1 Cron. 4:24–33). Nakiisa ang lipi ni Simeon kay Juda sa pakikidigma laban sa mga Canaanita (Huk. 1:3, 17). Di nagtagal nakiisa rin sila sa mga hukbo ni David (1 Cron. 12:25).

**SIMON, ANG CANAANITA**

Sa Bagong Tipan, isa sa orihinal na Labindalawang Apostol ni Jesucristo (Mat. 10:2–4).

**SIMON PEDRO.** *Tingnan sa* Pedro

**SIMULA.** *Tingnan din sa* Buhay Bago pa ang Buhay na Ito; Jesucristo; Likha, Paglikha

Kalimitang tumutukoy sa panahon bago pa ang buhay na ito—na, ang buhay bago pa ang buhay na ito. Paminsan-minsan si Jesucristo ay tinutukoy na ang Simula.

Noong simula ay nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa, **Gen.** 1:1 (Moi. 2:1). Noong simula siya ang Verbo, **Juan** 1:1. Ako ang Alpha at Omega, ang simula at ang wakas, **3 Ne.** 9:18. Si Cristo ang simula at ang wakas, **D at T** 19:1. Ang bago at walang hanggang tipan ay mula sa simula, **D at T** 22:1. Ang tao rin sa simula ay kasama ng Diyos, **D at T** 93:23, 29. Ang mga maharlika at dakilang espiritu ay pinili na mula pa sa simula upang maging mga pinuno, **D at T** 138:55. Ang aking Bugtong na Anak ay kasama ko mula pa sa simula, **Moi.** 2:26.

**SINAGOGA.** *Tingnan din sa* Judio, Mga

Isang pook na pinagpupulungan na ginagamit para sa mga layuning pangrelihiyon. Noong panahon ng Bagong Tipan, ang kasangkapan kalimitan ay simple, binubuo ng isang kaban na naglalaman ng mga binilot na batas at iba pang mga banal na isinulat, isang mesa sa pagbabasa, at mga upuan para sa mga sumasamba.

Isang lokal na konseho ng mga elder ang namamahala sa bawat sinagoga. Sila ang nagpapasiya kung sino ang dapat papasukin at kung sino ang hindi papapasukin (Juan 9:22; 12:42). Ang

pinuno ng sinagoga ang pinakamahalagang opisyal (Lu. 13:14; Mar. 5:22). Kalimitan siya ay isang escriba, nangangalaga ng gusali, at namamahala ng mga pagsamba. Isang katuwang ang gumaganap ng mga tungkulin ng isang escribyente (Lu. 4:20).

Sa bawat bayan kung saan may nakatirang mga Judio ay may isang sinagoga, kapwa sa Palestina at sa ibang dako. Malaking tulong ito sa pagpapalaganap ng ebanghelyo ni Jesucristo sapagkat ang mga naunang misyonero ng Simbahan ay karaniwang nakapagsasalita sa mga sinagoga (Gawa 13:5, 14; 14:1; 17:1, 10; 18:4). Ang ganito ring kaugalian ay isinasagawa ng mga misyonero sa Aklat ni Mormon (Alma 16:13; 21:4–5; 32:1), gayon din sa mga unang misyonero sa dispensasyong ito (D at T 66:7; 68:1).

**SINAI, BUNDOK NG.** *Tingnan din sa* Batas ni Moises, Mga; Moises

Isang bundok sa Peninsula ng Sinai, malapit kung saan si Moises at ang mga Israelita ay nagkampo ng tatlong buwan matapos ang kanilang paglisan sa Egipto; tinatawag din itong Bundok ng Horeb (Ex. 3:1). Dito ibinigay ng Diyos ang kanyang mga batas kay Moises para sa sambahayan ni Israel; dito rin itinayo ang tabernakulo (Ex. 19:2; 20:18; 24:12; 32:15).

**SINGKAW.** *Tingnan sa* Pamatok

**SION.** *Tingnan din sa* Enoc; Bagong Jerusalem

Ang may mga dalisay na puso (D at T 97:21). Ang salitang Sion ay tumutukoy rin sa lugar kung saan namumuhay ang may mga dalisay na puso. Ang lunsod na itinayo ni Enoc at ng kanyang mga tao na di naglaon ay dinala sa langit dahil sa kabutihan ay tinawag na Sion (D at T 38:4; Moi. 7:18–21; 69). Sa mga huling araw, isang lunsod na tatawaging Sion ang matatayo sa malapit sa Jackson County, Missouri (Estados Unidos ng Amerika), kung saan magtitipon ang mga lipi ni Israel (D at T 103:11–22; 133:18). Pinagpapayuhan ang mga Banal na itayo ang Sion saan mang dako sila naninirahan sa daigdig.

Ang lunsod ni David ay tinawag na Sion, **1 Hari** 8:1. Mula sa Sion ay lalabas ang batas, **Is.** 2:2–3 (Mi. 4:2; 2 Ne. 12:2–3). Ang Manunubos ay paroroon sa Sion, **Is.** 59:20. Kukuha ako sa inyo ng isa sa isang bayan, at dalawa sa isang angkan, at dadalhin ko kayo sa Sion, **Jer.** 3:14. Sa bundok ng Sion at sa Jerusalem naroon ang katubusan, **Joel** 2:32 (Obad. 1:17). Pinagpala sila na mga maghahangad na maitatag ang aking Sion, **1 Ne.** 13:37. Mapagmataas ang mga anak na babae ng Sion, **2 Ne.** 13:16 (Is. 3:16). Sa aba niya na pabaya sa Sion! **2 Ne.** 28:19–25. Hangaring dalhin at itatag ang kapakanan ng Sion, **D at T** 6:6 (D at T 11:6). Siya ay aking pinukaw upang isulong ang kapakanan ng Sion sa dakilang kapangyarihan para sa kabutihan, **D at T** 21:7. Ang Bagong Jerusalem ay tatawaging Sion, **D at T** 45:66–67. Ang Independence, Missouri, ang lugar ng lunsod ng Sion, **D at T** 57:1–3. Mananatili ang kaparusahan sa mga anak ng Sion hangga't hindi sila nagsisisi, **D at T** 84:58. Tinawag ng Panginoon ang kanyang mga tao na Sion, sapagkat sila ay may isang puso at isang isipan, **Moi.** 7:18–19. Ang Sion (ang Bagong Jerusalem) ay itatayo sa lupalop ng Amerika, **S ng P** 1:10.

**SMITH, EMMA HALE.** *Tingnan din sa* Smith, Joseph, Jr.

Ang asawa ng Propetang si Joseph Smith. Inutusan ng Panginoon si Emma na magsagawa ng pagpili ng mga himno para sa Simbahan. Naglingkod din siya bilang unang pangulo ng Samahang Damayan.

Ibinigay ang paghahayag hinggil sa kalooban ng Panginoon kay Emma Smith, **D at T** 25. Pinayuhan ng Panginoon si Emma Smith ng tungkol sa kasal, **D at T** 132:51–56.

**SMITH, HYRUM.** *Tingnan din sa* Smith, Joseph, Jr.

Ang nakatatandang kapatid at matapat na kasama ni Joseph Smith. Isinilang si

Hyrum noong 9 Pebrero 1800. Naglingkod siya bilang katuwang ni Joseph sa panguluhan ng Simbahan, gayon din naging pangalawang Patriyarka sa Simbahan. Noong 27 ng Hunyo 1844, siya ay naging martir katulad ni Joseph sa Piitan ng Carthage.

Nagpahayag ang Diyos ng mga tagubilin kay Hyrum sa pamamagitan ng kanyang kapatid na si Joseph, **D at T** 11; 23:3. Pinagpala ang aking tagapaglingkod na si Hyrum dahil sa katapatan ng kanyang puso, **D at T** 124:15. Inutusan si Hyrum na tanggapin ang katungkulang patriyarka ng Simbahan, **D at T** 124:91–96, 124. Pinatay sa Piitan ng Carthage sina Joseph at Hyrum, **D at T** 135. Si Hyrum at ang iba pang mga piniling espiritu ay inilaan upang isilang sa kaganapan ng panahon, **D at T** 138:53.

**SMITH, JOSEPH, JR.** *Tingnan din sa* Aklat ni Mormon; Doktrina at mga Tipan; Mahalagang Perlas; Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo; Pagsasalin ni Joseph Smith (PJS); Unang Pangitain

Ang piniling propeta upang ipanumbalik ang tunay na Simbahan ni Jesucristo sa lupa. Isinilang si Joseph Smith sa estado ng Vermont sa Estados Unidos ng Amerika at nabuhay mula 1805 hanggang 1844.

Noong 1820, nagpakita ang Diyos Ama at si Jesucristo kay Joseph, at nalaman niyang wala sa mga simbahan sa mundo ang totoo (JS—K 1:1–20). Di nagtagal dinalaw siya ng anghel na si Moroni, na ipinahayag ang kinatatataguang pook ng mga gintong lamina na naglalaman ng talaan ng mga sinaunang tao sa lupalop ng Amerika (JS—K 1:29–54).

Isinalin ni Joseph ang mga laminang ginto at noong 1830 inilathala ang mga iyon bilang Aklat ni Mormon (JS—K 1:66–67, 75). Noong 1829, tinanggap niya ang karapatan ng pagkasaserdote mula kay Juan Bautista at mula kina Pedro, Santiago, at Juan (D at T 13; 27:12; 128:20; JS—K 1:68–70).

Tulad ng ipinag-utos ng Diyos, noong 6 Abril 1830, itinatag ni Joseph at ng iba pa ang pinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo (D at T 20:1–4). Sa ilalim ng pamumuno ni Joseph, lumaganap ang Simbahan sa Canada, Inglatera, at sa silangang bahagi ng Estados Unidos, lalo na sa Ohio, Missouri, at Illinois. Mabigat na pag-uusig ang sumunod kay Joseph at sa mga Banal saan man sila manirahan. Noong 27 Hunyo 1844, pinatay si Joseph at ang kanyang kapatid na si Hyrum na mga martir sa Carthage, Illinois, sa Estados Unidos ng Amerika.

Si Jose, na anak ni Jacob ay nagpropesiya tungkol kay Joseph Smith, **2 Ne.** 3:6–15. Dahil sa kanyang kaalaman sa sakunang darating, tinawag ng Panginoon ang kanyang tagapaglingkod na si Joseph Smith, **D at T** 1:17 (D at T 19:13). Inorden si Joseph Smith na Apostol ni Jesucristo at unang elder ng Simbahang ito, **D at T** 20:2. Inordenan si Joseph sa pagiging apostol nina Pedro, Santiago, at Juan, **D at T** 27:12. Nagpatotoo sina Joseph at Sidney Rigdon na nakita nila ang Bugtong na Anak ng Ama, **D at T** 76:23. Kasama si Oliver Cowdery, nakita ni Joseph Smith ang Panginoon sa pangitain, **D at T** 110:1–4. Tinawag ng Panginoon si Joseph bilang namumunong elder, tagapagsalin, tagapaghayag, tagakita, at propeta, **D at T** 124:125. Si Joseph Smith ay maraming nagawa alang-alang sa kaligtasan ng mga tao kaysa ibang tao, maliban lamang kay Jesus, **D at T** 135:3.

*Banal na Kasulatang nailabas sa pamamagitan ng Propetang si Joseph Smith:* Isinalin ni Joseph ang mga bahagi ng mga laminang ginto na ibinigay sa kanya ng anghel na si Moroni, kung aling pagsasalin ay nilimbag noong 1830 bilang Aklat ni Mormon. Marami rin siyang tinanggap na mga paghahayag na galing sa Panginoon na binabalangkas ang saligan ng mga doktrina at pagtatatag ng Simbahan. Marami sa mga paghahayag na ito ang pinagsama-

sama na kilala ngayon bilang Ang Doktrina at mga Tipan. Pinagkatiwalaan din siya sa paglalabas sa Mahalagang Perlas, na naglalaman ng inspiradong pagsasalin ng ilan sa mga isinulat nina Moises, Abraham, at Mateo, mga hango sa kanyang sariling kasaysayan at patotoo, at labintatlong ulat ng doktrina at paniniwala na pinanghahawakan ng Simbahan.

**SMITH, JOSEPH, SR.** *Tingnan din sa* Smith, Joseph, Jr.; Smith, Lucy Mack

Ama ng Propetang si Joseph Smith. Isinilang siya noong 12 Hulyo 1771. Ikinasal siya kay Lucy Mack, at mayroon silang siyam na anak (JS—K 1:4). Si Joseph ay naging matapat na naniniwala sa panunumbalik sa huling araw at ang unang Patriyarka sa Simbahan. Namatay siya noong 14 Setyembre 1840.

Nagpahayag ang Diyos ng mga tagubilin sa kanya sa pamamagitan ng kanyang anak na si Joseph, **D at T** 4; 23:5. Ang aking matandang tagapaglingkod ay mamamalagi na kasama ang kanyang mag-anak, **D at T** 90:20. Ang aking matandang tagapaglingkod na si Joseph ay nakaupong kasama si Abraham sa kanyang kanang kamay, **D at T** 124:19. Nakita ni Joseph Smith, Jr. ang kanyang ama sa isang pangitain sa kahariang selestiyal, **D at T** 137:5. Inutusan ng isang anghel si Joseph Smith, Jr. na sabihin sa kanyang ama ang tungkol sa pangitaing kanyang natanggap, **JS—K** 1:49–50.

**SMITH, JOSEPH F.**

Ang ikaanim na Pangulo ng Simbahan; ang nag-iisang anak nina Hyrum at Mary Fielding Smith. Isinilang siya noong 13 Nobyembre 1838 at namatay noong 19 Nobyembre 1918.

Nakatanggap si Joseph F. Smith ng isang pangitain ng pagkatubos sa mga patay, **D at T** 138.

**SMITH, LUCY MACK.** *Tingnan din sa* Smith, Joseph, Jr.; Smith, Joseph, Sr.

Ang ina ng Propetang si Joseph Smith at asawa ni Joseph Smith, Sr. (JS—K 1:4, 7, 20). Isinilang siya noong 8 Hulyo 1776 at namatay noong 5 Mayo 1856.

Nakita ni Joseph ang kanyang ina sa isang pangitain sa kahariang selestiyal, **D at T** 137:5.

**SMITH, SAMUEL H.** *Tingnan din sa* Smith, Joseph, Jr.

Isang nakababatang kapatid ng Propetang si Joseph Smith (JS—K 1:4). Isinilang si Samuel noong 1808 at namatay noong 1844. Isa siya sa Walong Saksi sa Aklat ni Mormon, at naglingkod bilang isa sa mga unang misyonero para sa pinanumbalik na Simbahan, (D at T 23:4; 52:30; 61:33–35; 66:7–8; 75:13).

**SODOMA.** *Tingnan din sa* Gomorra

Sa Lumang Tipan, isang masamang lunsod na winasak ng Panginoon (Gen. 19:12–29).

**SOLOMON.** *Tingnan din sa* Bath-sheba; David

Sa Lumang Tipan, anak nina David at Bath-sheba (2 Sam. 12:24). Si Solomon ay minsang naging hari ng Israel.

Hinirang ni David si Solomon bilang hari, **1 Hari** 1:11–53. Inutusan ni David si Solomon na lumakad sa daan ng Panginoon, **1 Hari** 2:1–9. Pinangakuan siya ng Panginoon ng isang matalinong puso, **1 Hari** 3:5–15. Humatol sa dalawang ina at tiniyak ang tunay na ina ng bata, **1 Hari** 3:16–28. Siya'y nangusap ng mga kawikaan at awit, **1 Hari** 4:32. Itinayo ang templo, **1 Hari** 6; 7:13–51. Inilaan ang templo, **1 Hari** 8. Dinalaw ng reyna ng Seba, **1 Hari** 10:1–13. Nag-asawa si Solomon ng di-taga-Israel, at iniligaw ng kanyang mga asawa ang kanyang puso sa pagsamba sa mga diyus-diyusan, **1 Hari** 11:1–8. Nagalit ang Panginoon kay Solomon, **1 Hari** 11:9–13. Namatay, **1 Hari** 11:43. Nagpropesiya si David ng tungkol sa kabantugan ng paghahari ni Solomon, **Awit** 72. Maraming naging asawa at mga kalunya si Solomon, subalit ang iba ay hindi

tinanggap ng Panginoon, **D at T** 132:38 (Jac. 2:24).

**SULAT NI PABLO, MGA.** *Tingnan din sa* Pablo; ang mga pamagat ng bawat liham

Labing-apat na aklat sa Bagong Tipan ay orihinal na mga liham na isinulat ng Apostol na si Pablo sa mga kasapi ng Simbahan. Maaaring hatiin ang mga ito sa mga pangkat na sumusunod:

*1 at 2 Mga Taga-Tesalonica (A.D. 50–51)*

Isinulat ni Pablo ang mga liham sa mga taga-Tesalonica mula sa Corinto sa kanyang pangalawang pangmisyonerong paglalakbay. Inilarawan sa Mga Gawa 17 ang kanyang ginawa sa Tesalonica. Ninais niyang bumalik sa Tesalonica, subalit hindi niya nagawa (1 Tes. 2:18). Kaya't kanyang isinugo si Timoteo upang pasiglahin ang mga nagbalik-loob at nang maibalita sa kanya ang kanilang kalagayan. Ang unang liham ay bunga ng kanyang pasasalamat sa pagbabalik ni Timoteo. Isinulat ang pangalawang liham pagkalipas ng maikling panahon.

*1 at 2 Mga Taga-Corinto, Mga Taga-Galacia, Mga Taga-Roma (A.D. 55–57)*

Isinulat ni Pablo ang mga liham sa mga taga-Corinto sa kanyang pangatlong pangmisyonerong paglalakbay upang sagutin ang mga katanungan at isaayos ang kaguluhan sa mga Banal sa Corinto.

Isinulat marahil ang liham sa mga taga-Galacia sa *maraming* sangay ng simbahan sa buong Galacia. Tumatalikod ang ilang mga kasapi ng Simbahan sa ebanghelyo dahil sa batas ng Judio. Sa liham na ito, ipinaliwanag ni Pablo ang layunin ng mga batas ni Moises at ang kahalagahan ng espirituwal na relihiyon.

Isinulat ni Pablo ang liham sa mga taga-Roma mula sa Corinto, sa isang dako ay upang ihanda ang mga Banal sa Roma sa kanyang binabalak na pagdalaw. Ang liham ding ito ay muling nagpatotoo ng mga doktrina na pinagtatalunan ng ilang Judio na nagbalik-loob sa Cristiyanismo.

*Mga Taga-Filipos, Mga Taga-Colosas, Mga Taga-Efeso, Kay Filemon, Sa Mga Hebreo (A.D. 60–62)*

Isinulat ni Pablo ang mga liham na ito habang siya ay nasa bilangguan sa kauna-unahang pagkakataon sa Roma.

Isinulat ni Pablo ang liham sa mga taga-Filipos upang kanyang ipahiwatig ang kanyang pasasalamat at pagmamahal sa mga Banal na taga-Filipos at upang pasiglahin sila sa kanilang kabiguan dahil sa kanyang matagal na pagkabilanggo.

Isinulat ni Pablo ang liham sa mga taga-Colosas sanhi ng isang ulat na ang mga Banal na taga-Colosas ay nalululong sa mabibigat na pagkakamali. Kanilang pinaniniwalaan na ang pagiging ganap ay darating sa pamamagitan ng masusing pagtupad ng mga panlabas na ordenansa lamang sa halip ng pagkakaroon ng mga katangian ni Cristo.

Lubos na mahalaga ang liham sa mga taga-Efeso, sapagkat ito'y naglalaman ng mga turo ni Pablo tungkol sa Simbahan ni Cristo.

Ang liham na kay Filemon ay isang personal na liham tungkol kay Onesimo, isang alipin na ninakawan ang kanyang panginoong si Filemon, at tumakas patungo sa Roma. Pinabalik ni Pablo si Onesimo sa kanyang panginoon lakip ang isang liham na nagsasaad na si Onesimo ay patawarin.

Isinulat ni Pablo ang liham sa mga taga-Hebreo para sa mga kasaping Judio ng Simbahan upang akitin silang maniwala na ang mga batas ni Moises ay natupad na sa pamamagitan ni Cristo at na ang mga batas ng ebanghelyo ni Cristo ang pumalit dito.

*1 at 2 Kay Timoteo, Kay Tito (A.D. 64–65)*

Isinulat ni Pablo ang mga liham na ito matapos siyang palayain sa bilangguan sa Roma sa kauna-unahang pagkakataon.

Naglakbay si Pablo patungong Efeso, kung saan niya iniwan si Timoteo

upang pigilan ang paglaganap ng ilang uri ng mga haka-haka, at nagbabalak pagkatapos na bumalik. Isinulat niya ang kanyang unang liham kay Timoteo, marahil mula sa Macedonia, upang pagpayuhan at himukin siya sa pagtupad sa kanyang tungkulin.

Isinulat ni Pablo ang liham kay Tito sa panahong siya ay napalaya sa bilangguan. Maaaring dumalaw siya sa Creta, kung saan naglilingkod si Tito. Ang liham ay tungkol sa matwid na pamumuhay at disiplina sa loob ng Simbahan.

Isinulat ni Pablo ang kanyang pangalawang liham kay Timoteo habang siya ay nasa bilangguan sa pangalawang pagkakataon, bago patayin si Pablo. Naglalaman ang liham na ito ng mga huling salita ni Pablo at nagpapakita ng kagila-gilalas na katapangan at tiwala niya sa pagharap sa kamatayan.

**SUMPA, MGA SUMPA.** *Tingnan din sa* Kapahamakan; Manungayaw; Pagkawalang-galang; Sumpa at Tipan ng Pagkasaserdote; Tipan

Sa pagkakagamit sa mga banal na kasulatan, karaniwan ay isang banal na tipan o pangako. Gayon pa man, ang masasamang tao, kabilang na si Satanas at ang kanyang mga anghel, ay nakikipagsumpaan din upang matupad ang kanilang masasamang layunin. Sa panahon ng Lumang Tipan, ang mga sumpa ay tinatanggap; gayon pa man, itinuro ni Jesucristo na hindi dapat manumpa ang tao sa pangalan ng Diyos o sa kanyang mga nilikha (Mat. 5:33–37).

Pagtitibayin ko ang sumpang aking isinumpa kay Abraham, **Gen.** 26:3. Kapag ang isang tao ay sumumpa ng isang sumpa na ibinuklod ang kanyang kaluluwa ay huwag niyang sisirain ito, **Blg.** 30:2. Sila ay nagsisumpang magsisilakad sa batas ng Diyos, **Neh.** 10:29. Tupdin mo sa Panginoon ang iyong mga sumpa, **Mat.** 5:33 (Ec. 5:1–2; 3 Ne. 12:33). Ang Diyos ay sumumpa ng isang sumpa na ang matatapat ay maliligtas, **Heb.** 6:13–18. Nang manumpa si Zoram sa amin, nawala ang aming takot, **1 Ne.** 4:37. Ang mga tao ni Ammon ay sumumpang sila ay hindi na muling magpapadanak ng dugo, **Alma** 53:11. Ang masasamang Nephita ay gumawa ng mga lihim na sumpa at tipan kay Satanas, **Hel.** 6:21–30. Ang mga tao ay makatatamo ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng sumpa at tipan ng pagkasaserdote, **D at T** 84:33–42. Lahat ng tipan, kasunduan, pagkakabigkis, pananagutan, at sumpa na hindi ibinuklod ng Banal na Espiritu ng Pangako ay matatapos pagkamatay ng tao, **D at T** 132:7.

Sa mga banal na kasulatan, ang sumpa ay nangangahulugan din ng pagsasagawa ng banal na batas na nagtutulot o nagdadala ng mga kahatulan at mga kahahantungan ng isang bagay, tao, o mga tao lalung-lalo na dahil sa kasamaan. Ang mga sumpa ay pagpapakita ng dakilang pagmamahal at katarungan ng Diyos. Bilang karagdagan, ang maisumpa ay nararanasan ng mga yaong sadyang sumusuway sa Diyos at sa gayon inilalayo ang kanilang sarili sa Espiritu ng Panginoon.

Maaaring alisin ng Panginoon ang mga sumpa dahil sa pagkakaroon ng isang tao o ng mga tao ng pananampalataya kay Jesucristo at pagsunod sa mga batas at ordenansa ng ebanghelyo (Alma 23:16–18; 3 Ne. 2:14–16; S ng P 1:3).

Isinumpa ng Diyos ang ahas dahil sa pandaraya kina Adan at Eva, **Gen.** 3:13–15 (Moi. 4:19–21). Isinumpa ang lupa dahil kina Adan at Eva, **Gen.** 3:17–19 (Moi. 4:23–25). Isinumpa ng Panginoon si Cain dahil sa pagpatay kay Abel, **Gen.** 4:11–16 (Moi. 5:22–41). Isinumpa ng Panginoon si Canaan at kanyang mga inapo, **Gen.** 9:25–27 (Moi. 7:6–8; Abr. 1:21–27). Pagpapalain ang Israel kung susunod sa Diyos, at isusumpa kung susuway, **Deut.** 28:1–68 (Deut. 29:18–28). Isinumpa si Giezi at kanyang mga inapo sa pagkakaroon ng ketong ni Naaman, **2 Hari** 5:20–27. Isinumpa ng Panginoon ang sinaunang bansa ng

Israel dahil sa hindi pagbabayad ng ikapu at mga handog, **Mal.** 3:6–10. Isinumpa ni Jesus ang puno ng igos at ito ay nalanta, **Mar.** 11:11–14, 20–21. Isinumpa ni Jesus ang mga lunsod ng Corazin, Betsaida, at Capernaum, **Lu.** 10:10–15. Dahil sa tumangging makinig ang mga Lamanita sa Panginoon, inihiwalay sila mula sa harapan ng Panginoon at mga isinumpa, **2 Ne.** 5:20–24. Inaanyayahan ang lahat na lumapit sa Diyos, **2 Ne.** 26:33. Isusumpa ng Panginoon ang mga yaong magkakasala ng pagpapatutot, **Jac.** 2:31–33. Makatatanggap ng mas masidhing sumpa ang mga Nephita kaysa sa mga Lamanita maliban kung sila ay magsisisi, **Jac.** 3:3–5. Ang mga taong mapanghimagsik ay nagdadala ng sumpa sa kanilang sarili, **Alma** 3:18–19 (Deut. 11:26–28). Isinumpa si Korihor dahil sa pag-aakay sa mga tao palayo sa Diyos, **Alma** 30:43–60. Isinumpa ng Panginoon ang mga lupain at kayamanan ng mga Nephita dahil sa kasalanan ng mga tao, **Hel.** 13:22–23 (2 Ne. 1:7; Alma 37:31). Isinumpa ng Panginoon ang masasamang Jaredita, **Eter** 9:28–35. Inaalis ng pagbabayad-sala ni Cristo ang sumpa kay Adan mula sa maliliit na bata, **Moro.** 8:8–12. Yaong mga tumalikod sa Diyos ay isinumpa, **D at T** 41:1. Ang mundo ay babagabagin ng isang sumpa maliban kung may isang pag-uugnay ng anumang uri sa pagitan ng mga ama at anak, **D at T** 128:18 (Mal. 4:5–6).

*Magtungayaw:* Ang sumumpa ay paggamit din ng mga salitang walang galang, lapastangan, o mapanlait.

Hindi nararapat na magtungayaw ang mga tao sa kanilang mga ama at ina, **Ex.** 21:17 (Mat. 15:4). Huwag susumpain yaong mga namumuno sa inyo, **Ex.** 22:28 (Ec. 10:20). Hindi nararapat na lapastanganin ng kalalakihan at kababaihan ang Diyos, **Lev.** 24:13–16. Nagtungayaw si Pedro nang ikaila si Jesus, **Mat.** 24:69–74. Isinumpa ng masasamang Nephita ang Diyos at nagnais na mamatay, **Morm.** 2:14.

**SUMPA AT TIPAN NG PAGKASASERDOTE.** *Tingnan din sa* Pagkasaserdote; Sumpa, Mga Sumpa; Tipan

Ang sumpa ay isang patunay na totoo at tapat sa isang pangako. Ang tipan ay isang kapita-pitagang pangako sa pagitan ng dalawang pangkat. Ang Pagkasaserdoteng Aaron ay tinatanggap lamang sa pamamagitan ng tipan. Tinatanggap ang Pagkasaserdoteng Melquisedec sa pamamagitan ng hindi sinambit na sumpa at gayon din ng tipan. Kapag ang mga may hawak ng pagkasaserdote ay tapat at tumutupad sa kanilang mga tungkulin, sa tagubilin ng Diyos, kanya silang pinagpapala. Yaong mga matatapat hanggang sa huli at gumagawa ng lahat ng pinag-uutos niya ay makatatanggap ng lahat ng mayroon ang Ama (D at T 84:33–39).

Ang Panginoon ay nakipagtipan kay Abraham at si Abraham ay sumunod, **Gen.** 15:18; 17:1; 22:16–18. Hindi pinakain ng mga saserdote noong panahon ni Ezekiel ang mga kawan, **Ez.** 34:2–3. Pinasama ng mga saserdote noong panahon ni Malakias ang tipan, **Mal.** 1–2.

**SUSI NG PAGKASASERDOTE, MGA.** *Tingnan din sa* Dispensasyon; Pagkasaserdote; Unang Panguluhan

Ang mga susi ay mga karapatan ng panguluhan, o ang kapangyarihang ibinigay sa tao ng Diyos upang mamatnugot, at pamahalaan ang pagkasaserdote ng Diyos sa mundo. Ang mga may taglay ng pagkasaserdote na tinawag sa mga katungkulan ng panguluhan ay tatanggap ng mga susi mula sa mga yaong may kapangyarihan sa kanila. Ginagamit ang pagkasaserdote ng mga may taglay nito roon lamang sa mga bagay na saklaw nito na ibinigay ng mga yaong may hawak ng mga susi. Ang Pangulo ng Simbahan ang nagtataglay ng lahat ng susi ng pagkasaserdote (D at T 107:65–67, 91–92; 132:7).

Tinanggap ni Pedro ang mga susi ng

kaharian, **Mat.** 16:19. Tinanggap ni Miguel (Adan) ang mga susi ng kaligtasan sa ilalim ng tagubilin ni Jesucristo, **D at T** 78:16. Ang mga susi ng kaharian ay lagi nang nasa sa Unang Panguluhan, **D at T** 81:2. Ang Pagkasaserdoteng Melquisedec ang humahawak ng mga susi ng mga hiwaga ng kaalaman ng Diyos, **D at T** 84:19. Sina Joseph Smith at Oliver Cowdery ay nakatanggap ng mga susi hinggil sa pagtitipon ng Israel, sa ebanghelyo ni Abraham, at sa mga kapangyarihan ng pagbubuklod, **D at T** 110:11–16. Ang mga natatanging susi ay hawak ng Labindalawang Apostol, **D at T** 112:16. Ang Unang Panguluhan at ang Labindalawa ang may hawak ng mga susi ng dispensasyon ng kaganapan ng panahon, **D at T** 112:30–34. Ang mga pamunuan sa pagkasaserdote ay humahawak ng mga susi, **D at T** 124:123. Siya na may mga susi ay makatatamo ng kaalaman, **D at T** 128:11. Ang Pagkasaserdoteng Aaron ang may hawak ng mga susi ng paglilingkod ng mga anghel at ng ebanghelyo ng pagsisisi at pagbibinyag, **JS—K** 1:69 (D at T 13).

**TABAKO.** *Tingnan sa* Salita ng Karunungan

**TABERNAKULO.** *Tingnan din sa* Kaban ng Tipan; Kabanal-banalang Dako; Templo, Bahay ng Panginoon

Ang bahay ng Panginoon, ang sentro ng pagsamba ng Israel noong naglakbay sila mula sa Egipto. Katunayan ang tabernakulo ay isang nadadalang templo at maaaring paghiwa-hiwalayin at muling buuin. Gumamit ng isang tabernakulo ang mga anak ni Israel hanggang sa naitayo nila ang templo ni Solomon (D at T 124:38).

Inihayag ng Diyos kay Moises ang tutularan ng tabernakulo (Ex. 26–27), at itinayo ito ng mga anak ni Israel alinsunod sa yaong tutularan (Ex. 35–40). Nang natapos na ang tabernakulo, isang alapaap ang bumalot sa tolda, at pinuno ng kaluwalhatian ng Panginoon ang tabernakulo (Ex. 40:33–34). Ang alapaap ay isang palatandaan ng pagkakadalo ng Diyos. Sa gabi, mayroon itong anyo ng isang apoy. Kapag nanatili ang alapaap sa ibabaw ng tolda, nagtatayo ng tolda ang mga anak ni Israel. Kapag gumagalaw ito, kumikilos silang kasama nito (Ex. 40:36–38; Blg. 9:17–18). Kasamang dinala ng mga anak ni Israel ang tabernakulo sa panahon ng kanilang paglalakbay sa disyerto at sa pananakop nila sa lupain ng Canaan. Pagkaraan ng pananakop na yaon, inilagay ang tabernakulo sa Silo, ang piniling pook ng Panginoon (Jos. 18:1). Matapos itayo ng mga anak ni Israel ang templo ni Solomon, ang tabernakulo ay hindi na muling nabanggit pa sa kasaysayan.

Ginamit ng Panginoon at ni Isaias ang tabernakulo bilang sagisag ng mga lunsod ng Sion at Jerusalem sa panahon ng ikalawang pagparito ng Panginoon (Is. 33:20; Moi. 7:62).

**TABING**

Ang salitang ginamit sa mga banal na kasulatan na ang ibig ipakahulugan ay (1) isang pangharang na naghahati sa mga dako ng tabernakulo o templo, (2) isang sagisag sa paghihiwalay ng Diyos at tao, (3) isang manipis na belo na isinusuot ng mga tao upang takpan ang kanilang mukha o ulo, o (4) isang pagkalimot na ibinigay ng Diyos upang mahadlangan ang mga alaala ng mga tao hinggil sa kalagayan bago pa sa buhay na ito.

Hinahati ng tabing ang kabanal-banalang dako mula sa dakong banal, **Ex.** 26:33. Nahapak sa dalawa ang tabing ng templo sa panahon ng pagpapako kay Cristo, **Mat.** 27:51 (Mar. 15:38; Lu. 23:45). Malabo tayo ngayong nakakikita sa salamin, subalit pagkatapos nang harapan, **1 Cor.** 13:12. Ang madilim na tabing ng kawalang-paniniwala ay iwinawaksi mula sa kanyang isipan, **Alma** 19:6. Hindi maaaring pagbawalang makakita sa loob ng tabing ang kapatid ni Jared, **Eter** 3:19 (Eter 12:19). Ang tabing ay mapupunit at inyo akong makikita, **D at T** 67:10

(D at T 38:8). Ang tabing ng panakip ng aking templo ay aalisin, **D at T** 101:23. Ang tabing ay inalis mula sa aming mga isipan, **D at T** 110:1. Isang tabing ng kadiliman ang babalot sa mundo, **Moi.** 7:61.

**TAGA-COLOSAS, SULAT SA MGA.** *Tingnan din sa* Pablo; Sulat ni Pablo, Mga

Isang aklat sa Bagong Tipan. Ito ay orihinal na sulat na isinulat ng Apostol na si Pablo sa mga taga-Colosas matapos siyang dalawin ni Epafras, ang evangelista ng Simbahan sa Colosas (Col. 1:7–8). Sinabi ni Epafras kay Pablo na nahuhulog sa mabibigat na kamalian ang mga taga-Colosas—inaakala nilang higit silang mabubuti kaysa ibang tao dahil sa maingat nilang pagtupad sa ilang natatanging panlabas na ordenansa (2 Cor. 2:16), pinagkakaitan ang kanilang sarili ng ilang pangangailangang pisikal, at sumasamba sa mga anghel (Col. 2:18). Inakala ng mga taga-Colosas na sa pamamagitan ng mga kaugaliang ito sila ay pinababanal. Inakala rin nilang nauunawaan nila ang mga hiwaga ng sandaigdigan nang higit sa iba pang kasapi ng Simbahan. Sa kanyang sulat, itinuwid sila ni Pablo sa pamamagitan ng pagtuturo na darating lamang ang pagtubos sa pamamagitan ni Cristo at kinakailangan tayong maging marunong at maglingkod sa kanya.

Sa kabanata 1 nasusulat ang pagbati ni Pablo sa mga taga-Colosas. Ang mga kabanata 2–3 ay doktrinal at naglalaman ng mga paghahayag tungkol kay Cristo bilang Manunubos, ang panganib ng maling pagsamba, at ang kahalagahan ng pagkabuhay na maguli. Itinuturo sa kabanata 4 na kailangang maging marunong ang mga Banal sa lahat ng bagay.

**TAGA-CORINTO, SULAT SA MGA.** *Tingnan din sa* Pablo; Sulat ni Pablo, Mga

Dalawang aklat sa Bagong Tipan. Ang mga ito ay orihinal na mga sulat na isinulat ni Pablo sa mga Banal sa Corinto upang iwasto ang pagkakagulo sa kanila. Namuhay ang mga taga-Corinto sa isang lipunang may masamang moralidad.

*Unang Mga Taga-Corinto:* Nilalaman ng kabanata 1 ang mga pagbati ni Pablo at isang mensahe ng pagpapasalamat. Sa mga kabanata 2–6 ang mga pagwawasto ni Pablo sa mga kamalian ng mga Banal sa Corinto. Nilalaman ng mga kabanata 7–12 ang mga tugon ni Pablo sa ilang mga katanungan. Tumutukoy naman ang mga kabanata 13–15 sa pag-ibig sa kapwatao, mga espirituwal na kaloob, at sa pagkabuhay na mag-uli. Nilalaman ng kabanata 16 ang mga payo ni Pablo na magpakatatag sa pananampalataya.

*Ikalawang Mga Taga-Corinto:* Nilalaman ng kabanata 1 ang mga pagbati ni Pablo at isang mensahe ng pagpapasalamat. Nilalaman ng kabanata 2 ang personal na payo para kay Tito. Tinatalakay ng mga kabanata 3–7 ang bisa ng ebanghelyo sa buhay ng mga Banal at sa kanilang mga pinuno. Pinapayuhan ng mga kabanata 8–9 ang mga Banal na magbigay nang may saya sa mga maralita. Sa mga kabanata 10–12 ang sariling salaysay ni Pablo tungkol sa katungkulan niya bilang isang Apostol. Ang kabanata 13 ay isang paalala na maging ganap.

**TAGA-EFESO, SULAT SA MGA.** *Tingnan din sa* Pablo; Sulat ni Pablo, Mga

Sa Bagong Tipan, isang sulat na isinulat ng apostol na si Pablo sa mga Banal ng Efeso. Ang sulat ay may malaking kahalagahan, sapagkat ito ay naglalaman ng mga turo ni Pablo tungkol sa Simbahan ni Cristo.

Nilalaman ng kabanata ang karaniwang pagbati. Ipinaliliwanag sa kabanata 2–3 ang pagbabagong naganap sa mga tao nang sila ay naging mga kasapi ng Simbahan—sila ay naging kasamahan ng mga Banal, ng mga Gentil at ng mga Judio na nagkaisa sa isang

Simbahan. Ang kabanata 4–6 ay nagpapaliwanag ng mga tungkulin ng mga Apostol at propeta, ang kinakailangang pagkakaisa, at ang pangangailangang isuot ang buong baluti ng Diyos.

**TAGA-FILIPOS, SULAT SA MGA.** *Tingnan din sa* Pablo; Sulat ni Pablo, Mga

Isang liham na isinulat ni Pablo sa mga Banal sa Filipos habang siya ay nasa bilangguan sa Roma sa kauna-unahang pagkakataon. Ito ngayon ang aklat na Mga Taga-Filipos sa Bagong Tipan.

Nilalaman sa kabanata 1 ang mga pagbati ni Pablo at kanyang tagubilin tungkol sa pagkakaisa, pagpapakumbaba, at pagtitiyaga. Binigyang-diin sa kabanata 2 na lahat ng tao ay yuyuko kay Cristo at na ang bawat tao ay kinakailangang kumilos para sa kanyang kaligtasan. Sa kabanata 3, ipinaliwanag ni Pablo na kanyang isinakripisyo ang lahat ng bagay para kay Cristo. Nagpasalamat sa kabanata 4 si Pablo sa mga Banal ng Filipos sa kanilang tulong.

**TAGA-GALACIA, SULAT SA MGA.** *Tingnan din sa* Pablo; Sulat ni Pablo, Mga

Isang aklat sa Bagong Tipan. Ito ay orihinal na liham na isinulat ng Apostol na si Pablo sa mga Banal na naninirahan sa buong Galacia. Ang paksa ng liham na ito ay, ang tunay na kalayaan ay matatagpuan lamang sa pamumuhay sa ebanghelyo ni Jesucristo. Kung tinanggap ng mga banal ang mga turo ng mga Cristiyanong Judio na pinipilit ipatupad ang mga batas ni Moises, hahadlangan nila o wawasakin ang kalayaang natagpuan na nila kay Cristo. Sa sulat, pinangatawanan ni Pablo ang sarili niyang katungkulan bilang isang Apostol, ipinaliwanag ang doktrina ng kabutihan sa pamamagitan ng pananampalataya, at pinatotohanan ang kahalagahan ng isang relihiyong espirituwal.

Ipinahayag ni Pablo sa mga kabanata 1 at 2 ang kalungkutan sa balitang natanggap niya sa lubusang pagtalikod sa katotohanan sa mga taga-Galacia at nilinaw ang kanyang tungkulin sa kalipunan ng mga Apostol. Tinatalakay sa mga kabanata 3 at 4 ang mga doktrina ng pananampalataya at paggawa. Naglalaman ang mga kabanata 5 at 6 ng isang pangaral hinggil sa mga ibubunga ng doktrina ng pananampalataya.

**TAGA-ROMA, SULAT SA MGA.** *Tingnan din sa* Pablo; Sulat ni Pablo, Mga

Sa Bagong Tipan, isang liham na isinulat ni Pablo para sa mga Banal sa Roma. Minumuni-muni niya ang pagdalaw sa Jerusalem, na tiyak na mapanganib. Kung nailigtas niya ang kanyang buhay, umasa siyang sa dakong huli ay makadadalaw sa Roma. Ang isang bahagi ng liham ay naglalayong ihanda ang Simbahan doon na tanggapin siya sa kanyang pagparoon. Maaari ring ipalagay na ito ay naglalaman ng ulat ng mga ilang doktrina na pinagtatalunan at itinuturing noon ni Pablo na napatunayan na.

Nilalaman ng kabanata 1 ang pagbati ni Pablo sa mga taga-Roma. Sa mga kabanata 2–11 napapaloob ang ilang mga pahayag sa doktrina ng pananampalataya, mga gawa, at biyaya. Nilalaman ng mga kabanata 12–16 ang mga tunay na turo tungkol sa pag-ibig, tungkulin, at kabanalan.

**TAGA-TESALONICA, MGA SULAT SA MGA.** *Tingnan din sa* Pablo; Sulat ni Pablo, Mga

Dalawang aklat sa Bagong Tipan. Ito ay mga orihinal na sulat na isinulat ni Pablo sa mga taga-Tesalonica habang siya ay nasa Corinto sa kanyang unang pagtungo sa Europa, mga A.D. 50. Inilarawan sa Gawa 17 ang kanyang mga gawain sa Tesalonica. Hinangad ni Pablo na bumalik sa Tesalonica subalit hindi niya nagawa (1 Tes. 2:18). Kaya nga isinugo niya si Timoteo upang aliwin ang mga nagbalik-loob at ibalita ang kanilang mga ginagawa. Isinulat ni Pablo ang kanyang unang sulat bu-

nga ng kanyang pagpapasalamat sa pagbabalik ni Timoteo.

*Unang Mga Taga-Tesalonica:* Nilalaman ng mga kabanata 1–2 ang pagbati ni Pablo at ang kanyang panalangin para sa mga Banal; ang mga kabanata 3–5 ay nagbibigay ng tagubilin sa pagsulong na espirituwal, pag-ibig, kalinisang-puri, kasigasigan, at ng ikalawang pagparito ni Jesucristo.

*Ikalawang Mga Taga-Tesalonica:* Nilalaman ng kabanata 1 ang isang panalangin para sa mga Banal. Nasasaad sa kabanata 2 ang darating na lubusang pagtalikod sa katotohanan. Nilalaman ng kabanata 3 ang panalangin ni Pablo para sa tagumpay ng layunin ng ebanghelyo.

**TAGAKITA.** *Tingnan din sa* Propeta; Urim at Tummim

Isang taong pinahintulutan ng Diyos na makita sa pamamagitan ng mga matang espirituwal ang mga bagay na itinatago ng Diyos sa sanlibutan (Moi. 6:35–38). Isa siyang tagapaghayag at isang propeta (Mos. 8:13–16). Sa Aklat ni Mormon, itinuro ni Ammon na ang tagakita lamang ang makagagamit ng di karaniwang pansalin, o ang Urim at Tummim (Mos. 8:13; 28:16). Nalalaman ng isang tagakita ang nakalipas, kasalukuyan, at hinaharap. Noong una, madalas na tawaging tagakita ang isang propeta (1 Sam. 9:9; 2 Sam. 24:11).

Si Joseph Smith ang dakilang tagakita ng mga huling araw (D at T 21:1; 135:3). Bilang karagdagan, ang Unang Panguluhan at ang Kapulungan ng Labindalawa ay sinustena bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag.

Ito ang mapanghimagsik na bayan na nagsasabi sa mga tagakita, Huwag kayong makakita; at sa mga propeta, Huwag kayong magpropesiya, **Is.** 30:9–10. Isang piling tagakita ang aking ibabangon mula sa bunga ng kanyang balakang, **2 Ne.** 3:6–15. Narito ang karunungan; oo, ang maging isang tagakita, isang tagapaghayag, isang tagasalin, at isang propeta, **D at T** 107:92. Hinirang ng Panginoon si Hyrum Smith bilang isang propeta, tagakita, at tagapaghayag sa Simbahan, **D at T** 124:91–94.

**TAGAPAGLIGTAS.** *Tingnan din sa* Jesucristo

Isang nagliligtas. Si Jesucristo, sa pamamagitan ng kanyang pagbabayad-sala ay naghain ng pagtubos at kaligtasan sa buong sangkatauhan. Sinagip niya ang lahat mula sa pagkaalipin ng kamatayan at ang nagsisisi mula sa parusa ng kasalanan. Ang Tagapagligtas ay isang pangalan ni Jesucristo.

Ang Panginoon ang aking liwanag at aking kaligtasan, **2 Sam.** 22:2 (Awit 18:2; 144:2). Ang Panginoon ay aking liwanag at aking kaligtasan, **Awit** 27:1 (Ex. 15:1–2; 2 Sam. 22:2–3). Ikaw ang aking saklolo at aking tagapagligtas, **Awit** 40:17 (Awit 70:5). Ako ang Panginoon; at liban sa akin ay walang tagapagligtas, **Is.** 43:11 (D at T 76:1). Ang pangalang itatawag sa kanya'y Jesus: sapagkat ililigtas niya ang kanyang bayan sa kanilang mga kasalanan, **Mat.** 1:21. Ipinanganak sa inyo ngayon ang isang Tagapagligtas, na si Cristo ang Panginoon, **Lu.** 2:11. Gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanlibutan na ang Bugtong na Anak ay pumarito upang iligtas ang mga tao, **Juan** 3:16–17. Walang ibang pangalan liban kay Cristo na sukat ikaligtas ng tao, **Gawa** 4:10–12 (2 Ne. 25:20; Mos. 3:17; 5:8; D at T 18:23; Moi. 6:52). Magbubuhat sa Sion ang Tagapagligtas, **Rom.** 11:26. Mula sa langit ay hinihintay natin ang Tagapagligtas, ang Panginoong Jesucristo, **Fil.** 3:20. Isinugo ng Ama ang Anak upang maging Tagapagligtas ng sanlibutan, **1 Juan** 4:14. Nagbangon ang Panginoon ng isang Mesiyas, isang Tagapagligtas ng sanlibutan, **1 Ne.** 10:4. Ang Kordero ng Diyos ang Tagapagligtas ng sanlibutan, **1 Ne.** 13:40. Ang kaalaman tungkol sa isang Tagapagligtas ay kakalat sa lahat ng bawat bansa, lahi, wika, at tao, **Mos.** 3:20. Kinakailangang si Cristo ay mamatay upang dumating ang kaligtasan, **Hel.** 14:15–16. Makatarungan at totoo ang

katwiran at pagpapabanal sa pamamagitan ng Tagapagligtas, **D at T** 20:30–31. Ako si Jesucristo, ang Tagapagligtas ng sanlibutan, **D at T** 43:34. Kinikilala ng mga Banal ang Anak ng Diyos na kanilang Manunubos at Tagapagligtas, **D at T** 138:23. Ang Aking Bugtong na Anak ang Tagapagligtas, **Moi.** 1:6. Kasindami ng mga maniniwala sa Anak at magsisisi ng kanilang mga kasalanan ay maliligtas, **Moi.** 5:15.

**TAGAPAGMANA**

Isang taong may karapatang magmana ng mga kaloob na pisikal o espirituwal. Sa mga banal na kasulatan, pinangakuan ang mabubuti na magiging tagapagmana ng lahat ng pag-aari ng Diyos.

Naghangad si Abraham ng isang tagapagmana, **Gen.** 15:2–5. Naging tagapagmana si Abraham ng daigdig sa pamamagitan ng kabanalan ng pananampalataya, **Rom.** 4:13. Mga anak tayo ng Diyos, at kung tayo ay mga anak, samakatwid mga tagapagmana, tagapagmana ng Diyos at kasamang mga tagapagmana ni Cristo, **Rom.** 8:16–17 (D at T 84:38). Ikaw ay anak, isang tagapagmana ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo, **Gal.** 4:7. Hinirang ng Diyos ang kanyang Anak na tagapagmana ng lahat ng bagay, **Heb.** 1:2. Ang mga yaong umaasa para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan ay mga tagapagmana ng kaharian ng Diyos, **Mos.** 15:11. Ang mga tao ay magiging mga anak ni Cristo at mga tagapagmana ng kaharian ng Diyos, **4 Ne.** 1:17. Ang mga yaong namatay na walang kaalaman ng ebanghelyo ay maaaring maging mga tagapagmana ng kahariang selestiyal, **D at T** 137:7–8. Mga tagapagmana ng kaligtasan ang mga patay na nagsisi, **D at T** 138:59. Naging karapat-dapat na tagapagmana si Abraham sa pamamagitan ng kanyang kabutihan, **Abr.** 1:2.

**TAGAPAMAGITAN.** *Tingnan din sa* Bayad-sala, Pagbabayad-sala; Jesucristo

Isang pumapamagitan. Si Jesus ang tagapamagitan ng Diyos at tao. Inaako ng pagbabayad-sala ni Jesus ang isang paraan para sa mga tao na makapagsisi ng kanilang mga kasalanan at makipagkasundo sa Diyos. Si Jesucristo ang ating Tagapamagitan sa Ama (Moro. 7:28) at sumasamo ng ating kapakanan sa kanya.

Sinuman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ni Jesucristo, **Juan** 14:6. May isang tagapamagitan sa Diyos at tao, **1 Tim.** 2:5. Si Cristo ang tagapamagitan sa isang tipang lalong magaling, **Heb.** 8:6 (Heb. 9:15; 12:24; D at T 107:19). Si Jesucristo ang ating tagapamagitan sa Ama, **1 Juan** 2:1 (D at T 110:4). Ang Banal na Mesiyas ang mamamagitan para sa lahat ng anak ng tao, **2 Ne.** 2:9 (Is. 53:12; Mos. 14:12). Si Jesus ang mamamagitan para sa lahat, **2 Ne.** 2:9 (Heb. 7:25). Nararapat na umasa sa dakilang Tagapamagitan, **2 Ne.** 2:27–28. Nakamtan ni Jesus ang tagumpay sa kamatayan, na nagbibigay sa kanya ng kapangyarihan na makapamagitan para sa mga anak ng tao, **Mos.** 15:8. Ako ang inyong tagapamagitan sa Ama (D at T 29:5). Isinasamo ni Jesucristo ang inyong kapakanan, **D at T** 45:3–5. Tayo ay gagawing ganap sa pamamagitan ni Jesus na tagapamagitan ng bagong tipan, **D at T** 76:69.

**TAGAPAMAYAPA.** *Tingnan din sa* Kapayapaan

Isang taong nagdudulot o nagpapasimula ng kapayapaan (Mat. 5:9; 3 Ne. 12:9). Ang isang tagapamayapa ay maaaring isa ring taong naghahayag ng ebanghelyo (Mos. 15:11–18).

**TAGAPANGASIWANG ANGHEL, MGA.** *Tingnan sa* Anghel, Mga

**TAHANAN.** *Tingnan din sa* Mag-anak

Nararapat na ang tahanan ang maging sentro ng ebanghelyo at ng mga gawain ng mag-anak.

Nararapat na maging malaya ang isang lalaki sa tahanan upang paligayahin ang kanyang asawa, **Deut.** 24:5. Isinu-

go niya siyang palayo sa kanyang tahanan, **Mar.** 8:26. Hayaang matuto ang mga bata na magpakita ng paggalang sa loob ng tahanan, **1 Tim.** 5:4. Maging mabini, malinis at masinop sa tahanan, **Tit.** 2:5. Magsiuwi kayo sa inyong mga tahanan at pagbulay-bulayin ang mga bagay na aking sinabi, **3 Ne.** 17:2–3. Hinikayat ko sila na makipaglaban para sa kanilang mga asawa, at kanilang mga anak, at kanilang mga tirahan, at kanilang mga tahanan, **Morm.** 2:23. Inutusan ang mga ama na maging masikap at pagmalasakitan ang tahanan, **D at T** 93:43–44, 48–50.

**TAINGA.** *Tingnan din sa* Makinig

Sa mga banal na kasulatan, kalimitang ginagamit ang tainga bilang sagisag ng kakayahan ng isang tao na mapakinggan at maunawaan ang mga bagay ng Diyos.

Sila'y may mga tainga, ngunit hindi sila nakaririnig, **Awit** 115:6. Ginising ng Panginoon ang aking tainga upang makinig, **Is.** 50:4–5 (2 Ne. 7:4–5). Siya na may mga tainga upang makarinig, hayaan siyang makinig, **Mat.** 11:15. Mahirap makarinig ang kanilang mga tainga, **Mat.** 13:15 (Moi. 6:27). Hindi nakita ng mata ni narinig ng tainga ang mga bagay na inihanda ng Diyos para sa kanila na nagmamahal sa kanya, **1 Cor.** 2:9 (D at T 76:10). Bumubulong ang diyablo sa kanilang mga tainga, **2 Ne.** 28:22. Buksan ang inyong mga tainga upang kayo'y makarinig, **Mos.** 2:9 (3 Ne. 11:5). Ako ay tinawag nang maraming ulit, at ako ay tumangging makinig, **Alma** 10:6. Pakinggan ang aking mga salita, **Alma** 36:1 (Alma 38:1; D at T 58:1). Walang taingang hindi makaririnig, **D at T** 1:2. Nabubuksan ang mga tainga sa pamamagitan ng pagpapakumbaba at panalangin, **D at T** 136:32.

**TAKOT.** *Tingnan din sa* Paggalang; Pananampalataya; Tapang, Matapang

Maaaring magkaroon ng dalawang kahulugan ang *takot:* (1) ang pagkatakot sa Diyos ay makadama ng paggalang at pagpipitagan sa kanya at sumunod sa kanyang mga kautusan; (2) ang matakot sa tao, mga panganib sa buhay na ito, sakit, at masama ay matakot sa gayong mga bagay at masindak sa mga ito.

*Takot sa Diyos:* Tunay na walang takot sa Diyos sa pook na ito, **Gen.** 20:11. Katakutan mo ang Panginoon mong Diyos, **Deut.** 6:13 (Jos. 24:14; 1 Sam. 12:24). Paglingkuran ang Diyos nang may takot, **Awit** 2:11. Ang pagkatakot sa Panginoon ay simula ng karunungan, **Awit** 111:10. Matakot sa Panginoon at lumayo mula sa masama, **Kaw.** 3:7. Ikinabubuti ito nila na mga nangatatakot sa Diyos, **Ec.** 8:12. Gawin ninyo ang inyong sariling pagkaligtas nang may takot at panginginig, **Fil.** 2:12. Matakot sa Diyos, at magbigay-kaluwalhatian sa kanya, **Apoc.** 14:7 (D at T 88:104). Patuloy na pinupukaw ng mga propeta ang mga tao upang manatili sila sa pagkatakot sa Panginoon, **Enos** 1:23. Si Alma at ang mga anak ni Mosias ay nalugmok sa lupa dahil ang takot sa Panginoon ay nanaig sa kanila, **Alma** 36:7. Isakatuparan ang inyong kaligtasan nang may takot at panginginig, **Morm.** 9:27. Sila na mga hindi natatakot sa akin ay aking gagambalain at panginginigin, **D at T** 10:56. Siya na natatakot sa akin ay maghihintay sa mga palatandaan ng pagparito ng Anak ng Tao, **D at T** 45:39.

*Takot sa tao:* Huwag matakot, dahil ako ay kasama ninyo, **Gen.** 26:24 (Is. 41:10). Nasa atin ang Panginoon: huwag silang katakutan, **Blg.** 14:9. Huwag matakot: sapagkat sila na nasa atin ay marami, **2 Hari** 6:16. Hindi ako natatakot kung ano ang magagawa ng tao, **Awit** 56:4. Huwag matakot sa pamumuna ng mga tao, **Is.** 51:7 (2 Ne. 8:7). Hindi tayo binigyan ng Diyos ng diwa ng pagkatakot, **2 Tim.** 1:7. Itinataboy ng ganap na pag-ibig ang takot, **1 Juan** 4:18 (Moro. 8:16). Hindi natakot ang mga anak ni Helaman sa kamatayan, **Alma** 56:46–48. Napupuno ng takot sa kamatayan ang mga dibdib

ng masasama, **Morm.** 6:7. Huwag matakot kung ano ang magagawa ng tao, **Moro.** 8:16. Hindi mo dapat kinatakutan ang tao nang higit sa Diyos, **D at T** 3:7 (D at T 30:1, 11; 122:9). Huwag matakot na gumawa ng mabuti, **D at T** 6:33. Sinuman ang nabibilang sa aking simbahan ay hindi kinakailangang matakot, **D at T** 10:55. Kung kayo ay handa, kayo ay hindi matatakot, **D at T** 38:30. Alisan ang sarili ng takot, **D at T** 67:10. Magalak, at huwag matakot, sapagkat ako, ang Panginoon ay kasama ninyo, **D at T** 68:6. Huwag katakutan ang inyong mga kaaway, **D at T** 136:17.

**TALAAN NI EPHRAIM.** *Tingnan sa* Ephraim—Ang talaan ni Ephraim o Jose

**TALAAN NI JOSE.** *Tingnan sa* Ephraim—Ang talaan ni Ephraim o Jose

**TALAAN NI JUDA.** *Tingnan sa* Juda—Ang talaan ni Juda

**TALAANGKANAN.** *Tingnan din sa* Aklat ng Alaala; Kaligtasan para sa mga Patay; Mag-anak; Ordenansa, Mga—Mga ordenansang ginagawa alang-alang sa iba; Pagbibinyag, Binyagan—Pagbibinyag alang-alang sa mga patay

Isang talaang tumatalunton sa kanunu-nunuan ng isang mag-anak. Kung saan ang mga tungkulin ng pagkasaserdote o mga biyayang itinakda lamang para sa isang mag-anak, mahalagang-mahalaga ang mga talaangkanan sa mga banal na kasulatan (Gen. 5:10; 25; 46; 1 Cron. 1–9; Ezra 2:61–62; Neh. 7:63–64; Mat. 1:1–17; Lu. 3:23–38; 1 Ne. 3:1–4; 5:14–19; Jar. 1:1–2). Sa pinanumbalik na Simbahan ngayon, ipinagpapatuloy ng mga kasapi ng Simbahan na taluntunin ang kanilang mga kanunu-nunuan, kasama ang pagkilala sa mga namatay na mga ninuno upang maisagawa nila ang makapagliligtas na mga ordenansa alang-alang sa kanilang mga ninuno. Mabisa ang mga ordenansang ito sa mga yaong taong patay na na tinanggap ang ebanghelyo ni Jesucristo sa daigdig ng mga espiritu (D at T 127, 128).

**TALENTO**

Ang sinaunang pagsukat ng bigat o kabuuan ng salapi na may malaking halaga. Nagsisilbi rin ito bilang isang sagisag ng isang bagay na may malaking kahalagahan, katulad ng ebanghelyo ni Jesucristo (Mat. 25:14–29; Eter 12:35; D at T 60:2, 13).

**TALINGHAGA.** *Tingnan din sa* Ebanghelyo, Mga—Pagkakatugma ng mga Ebanghelyo

Isang pangkaraniwang kuwento na ginagamit upang ilarawan at ituro ang espirituwal na katotohanan o alituntunin. Ang talinghaga ay batay sa paghahambing ng karaniwang bagay o pangyayari sa isang katotohanan, at ang pinagbabatayang kahulugan o pahatid ng talinghaga ay madalas na nakukubli sa mga tagapakinig na hindi pa espirituwal na handa upang tanggapin ito (Mat.13:10–17).

Madalas magturo ng talinghaga si Jesus. Para sa talaan ng kanyang mga pangunahing talinghaga, tingnan sa "Ebanghelyo, Mga."

**TAMAD, KATAMARAN**

Hindi gumagawa at hindi sumasama sa mabubuting gawain.

Kung sinuman ang ayaw gumawa ni huwag din naman siyang kumain, **2 Tes.** 3:10. Naging mga tamad silang mga tao, puno ng kalokohan, **2 Ne.** 5:24. Magpigil mula sa katamaran, **Alma** 38:12. Siya na tamad ay hindi makakakain ng tinapay ng manggagawa, **D at T** 42:42. Sa aba ninyo na hindi nagpapagal sa sarili ninyong mga kamay, **D at T** 56:17. Maging sabik sa paggawa ng mabuti, **D at T** 58:27. Tumigil sa pagiging tamad, **D at T** 88:124.

**TAO, MGA TAO.** *Tingnan din sa* Anak na Lalaki at Babae ng Diyos, Mga; Diyos, Panguluhang Diyos; Espiritu; Espiritung Paglikha

Tumutukoy sa buong sangkatauhan,

kapwa lalaki at babae. Lahat ng lalaki at babae ay literal na mga espiritung anak ng Ama sa Langit. Nang sila ay isilang sa lupa, sila ay nakatanggap ng pisikal, mga may kamatayang katawan. Ang mga katawang ito ay nilikha sa larawan ng Diyos (Gen. 1:26–27). Ang mga lalaki at babaing matapat sa pagtanggap ng mga kinakailangang ordenansa, tumutupad sa kanilang mga tipan, at sumusunod sa mga utos ng Diyos ay makatatanggap ng kadakilaan at magiging tulad ng Diyos.

Nilalang ng Diyos ang tao alinsunod sa sarili niyang larawan, **Gen.** 1:27 (Mos. 7:27; D at T 20:17–18). Ano ang tao, upang iyong alalahanin siya? **Awit** 8:4–5. Sumpain ang tao na nagtitiwala sa tao at ginagawang laman ang kanyang bisig, **Jer.** 17:5 (2 Ne. 4:34; 28:26, 31). Ngayong ganap na ang aking pagkatao, ay iniwan ko na ang mga bagay ng pagkabata, **1 Cor.** 13:11. Ang tao ay gayon upang sila ay magkaroon ng kagalakan, **2 Ne.** 2:25. Ang likas na tao ay isang kaaway ng Diyos, **Mos.** 3:19. Maging anong uri ng mga tao ba dapat kayo? **3 Ne.** 27:27. Ang mga gawain ng tao ang nabibigo, hindi ang mga gawain ng Diyos, **D at T** 3:3. Hindi mo dapat kinatakutan ang tao nang higit sa Diyos, **D at T** 3:7 (D at T 30:11; 122:9). Ang lahat ng bagay ay ginawa para sa kapakinabangan at gamit ng tao, **D at T** 59:18. Nalaman ko na ang tao ay walang kabuluhan, **Moi.** 1:10. Ang gawain at kaluwalhatian ng Diyos ay isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao, **Moi.** 1:39.

*Tao, espiritung anak ng Ama sa Langit:* Sila ay nagpatirapa, at nagsabi, O Diyos, ang Diyos ng mga espiritu ng lahat ng laman, **Blg.** 16:22 (Blg. 27:16). Kayo ang mga anak ng Panginoon ninyong Diyos, **Deut.** 14:1. Kayo ay mga diyos at kayong lahat ay anak ng Kataas-taasan, **Awit** 82:6. Kayo ay mga anak ng buhay na Diyos, **Os.** 1:10. Hindi baga tayong lahat ay may iisang Ama? Tayo ay mga anak ng Diyos, **Mal.** 2:10. Tayo ay anak ng Diyos, **Gawa** 17:29. Ang Espiritu rin ang nagpapatotoo na tayo ay mga anak ng Diyos, **Rom.** 8:16. Magpasakop sa Ama ng mga espiritu, **Heb.** 12:9. Ang mga espiritu ng lahat ng tao ay dadalhin pabalik sa Diyos na sa kanila ay nagbigay-buhay, **Alma** 40:11. Ang mga naninirahan sa daigdig ay mga bugtong na anak na lalaki at babae ng Diyos, **D at T** 76:24. Ang tao mula sa simula ay kasama ng Ama, **D at T** 93:23, 29. Espirituwal na nilalang ng Diyos ang lahat ng tao, bago sila dumating sa ibabaw ng mundo, **Moi.** 3:5–7. Ako ang Diyos; ako ang lumikha ng daigdig, at ng mga tao bago pa sila napasalaman, **Moi.** 6:51.

*Tao, may kakayahang maging katulad ng Ama sa Langit:* Kayo samakatwid ay magpakaganap, maging gaya ng inyong Ama, **Mat.** 5:48 (3 Ne. 12:48). Hindi ba nasusulat sa inyong batas na kayo ay mga diyos, **Juan** 10:34 (D at T 76:58). Tayo ay maaaring maging mga tagapagmana ng Diyos at kasamang mga tagapagmana ni Cristo, **Rom.** 8:17. Ikaw ay anak, at kung anak, ay tagapagmana ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo, **Gal.** 4:7. Kung siya ay mahayag, tayo ay magiging katulad niya, **1 Juan** 3:2. Sa kanya na magtatagumpay ay aking pagkakalooban na umupong kasama ko sa aking luklukan, **Apoc.** 3:21. Sa kanila ipinagkaloob ko na maging mga anak ng Diyos, **3 Ne.** 9:17. Ang mga yaong magmamana ng kahariang selestiyal ay mga diyos, maging mga anak ng Diyos, **D at T** 76:50, 58. Sa gayon sila magiging mga diyos, sapagkat taglay nila ang lahat ng kapangyarihan, **D at T** 132:20.

**TAO NG KABANALAN.** *Tingnan din sa* Ama sa Langit; Anak ng Tao; Diyos, Panguluhang Diyos

Isa pang pangalan para sa Diyos Ama (Moi. 6:57).

**TAONG NAGBAGONG-KALAGAYAN, MGA**

Mga tao na nagbago upang hindi nila

maranasan ang sakit o kamatayan hanggang sa kanilang pagkabuhay na maguli sa kawalang-kamatayan.

Lumakad si Enoc na kasama ng Diyos: at hindi siya nasumpungan, sapagkat kinuha siya ng Diyos, **Gen.** 5:24 (Heb. 11:5; D at T 107:48–49). Walang taong nakaaalam ng libingan ni Moises hanggang sa araw na ito, **Deut.** 34:5–6 (Alma 45:19). Umakyat si Elijah sa pamamagitan ng buhawi patungo sa langit, **2 Hari** 2:11. Kung ibig kong siya'y manatili hanggang sa ako'y pumarito, ay ano nga sa iyo? **Juan** 21:22–23 (D at T 7:1–3). Hindi kayo kailanman makatitikim ng kamatayan, **3 Ne.** 28:7. Upang hindi sila makatikim ng kamatayan ay may ginawang pagbabago sa kanilang mga katawan, **3 Ne.** 28:38 (4 Ne. 1:14; Morm. 8:10–11). Mabubuhay ang Pinakamamahal na si Juan hanggang sa pagparito ng Panginoon, **D at T** 7. Ako ang kumuha ng Sion ni Enoc sa aking sariling sinapupunan, **D at T** 38:4 (Moi. 7:21, 31, 69). Si Enoc at ang kanyang mga kapatid ang lunsod na inilaan hanggang sa araw ng kabutihan, **D at T** 45:12. Dinala si Elijah sa langit nang hindi nakatikim ng kamatayan, **D at T** 110:13. Ang Espiritu Santo ay tumahan sa marami, at sila ay dinala sa Sion, **Moi.** 7:27.

**TAPANG, MATAPANG.** *Tingnan din sa* Pananampalataya; Takot

Ang hindi matakot, lalung-lalo na sa paggawa ng tama.

Magpakalakas at magpakatapang, **Deut.** 31:6 (Jos. 1:6–7). Magpakatapang na mabuti sa pagsunod at paggawa ng lahat ng nakasulat, **Jos.** 23:6. Hindi tayo binigyan ng Diyos ng diwa ng takot, **2 Tim.** 1:7. Ang kanyang puso'y nagsimulang magkalakas-loob nang marinig niya, **Alma** 15:4 (Alma 62:1). Ang mga anak ni Helaman ay napakagigiting, **Alma** 53:20–21. Hindi pa ako nakakikita kailanman ng labis na katapangan, **Alma** 56:45. Lakas ng loob, mga kapatid, at humayo, humayo sa pananagumpay, **D at T** 128:22.

**TATLONG NEPHITANG DISIPULO.** *Tingnan din sa* Disipulo; Nephita, Mga; Taong Nagbagong-kalagayan, Mga

Tatlo sa mga piniling Nephitang disipulo na tinutukoy sa Aklat ni Mormon.

Ipinagkaloob ng Panginoon sa mga disipulong ito ang gayon ding pagpapala na ipinagkaloob sa Pinakamamahal na si Juan—na maaari silang manatili sa lupa upang makapagdala ng mga kaluluwa kay Cristo hanggang sa muling pagparito ng Panginoon. Sila ay nagbagong-kalagayan upang hindi sila makadama ng sakit at hindi mamamatay (3 Ne. 28).

Ipinagkaloob ni Cristo ang naisin ng tatlong disipulo na manatili sa lupa hanggang sa kanyang pagparito, **3 Ne.** 28:1–9. Hindi sila makararanas ng kirot ng kamatayan o kalungkutan, **3 Ne.** 28:7–9. Magkakaroon sila ng kaganapan ng kagalakan, **3 Ne.** 28:10. Sila ay panandaliang napasalangit, **3 Ne.** 28:13–17. Naglingkod sila sa mga tao at napagtiisan ang pag-uusig, **3 Ne.** 28:18–23. Naglingkod sila kay Mormon, **3 Ne.** 28:24–26 (Morm. 8:10–11). Maglilingkod sila sa mga Gentil, Judio, nakalat na mga lipi, at lahat ng bansa, **3 Ne.** 28:27–29. Walang kapangyarihan si Satanas sa kanila, **3 Ne.** 28:39.

**TAWAG, TINAWAG NG DIYOS, PAGKAKATAWAG.** *Tingnan din sa* Karapatan; Katiwala, Ipinagkatiwala; Mamili, Namili, Pumili; Pinili; Ordenan, Pag-oorden

Ang tawagin ng Diyos ay ang tumanggap ng tungkulin o paanyaya mula sa kanya o sa kanyang may karapatang mga pinuno ng Simbahan upang maglingkod sa kanya sa natatanging paraan.

Ipinatong niya ang kanyang mga kamay sa kanya at tinagubilinan siya, **Blg.** 27:23. Inorden kitang propeta, **Jer.** 1:5. Kayo'y pinili ko at inorden kayo, **Juan** 15:16. Tinawag si Pablo na maging isang Apostol, **Rom.** 1:1. Walang sinuman ang makatatanggap ng

karangalang ito sa kanyang sarili, kundi siya na tinawag ng Diyos, **Heb.** 5:4. Tinawag ng Diyos si Jesus alinsunod sa orden ni Melquisedec, **Heb.** 5:10. Ako ay tinawag upang ipangaral ang salita ng Diyos alinsunod sa diwa ng paghahayag at propesiya, **Alma** 8:24. Ang mga saserdote ay tinawag at inihanda mula pa sa pagkakatatag ng daigdig, **Alma** 13:3. Kung ikaw ay may naising maglingkod sa Diyos, ikaw ay tinatawag, **D at T** 4:3. Manatiling matatag sa gawain kung saan kita tinawag, **D at T** 9:14. Hindi mo dapat akalain na ikaw ay tinawag na mangaral hanggang sa ikaw ay tawagin, **D at T** 11:15. Ang mga elder ay tinawag upang maisakatuparan ang pagtitipon ng mga hinirang, **D at T** 29:7. Walang sinumang mangangaral ng aking ebanghelyo o magtatatag ng aking Simbahan maliban sa siya ay inordenan, **D at T** 42:11. Marami ang tinawag, subalit iilan ang napili, **D at T** 121:34. Ang tao ay kinakailangang tawagin ng Diyos, **S ng P** 1:5.

## TAYLOR, JOHN

Ang pangatlong Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Natawag sa Kapulungan ng Labindalawa, **D at T** 118:6 (D at T 124:128–129). Ang sumulat ng tungkol sa pagkakamartir nina Joseph at Hyrum Smith, **D at T** 135. Nasugatan sa pagkakamartir, **D at T** 135:2. Kasama ng mga dakila na nakita ni Joseph F. Smith sa daigdig ng mga espiritu, **D at T** 138:53–56.

## TELESTIYAL NA KALUWALHATIAN.

*Tingnan sa* Kaluwalhatiang Telestiyal

## TEMPLO, BAHAY NG PANGINOON.

*Tingnan din sa* Endowment; Kabanal-banalang Dako; Ordenansa, Mga; Tabernakulo

Ang literal na bahay ng Panginoon. Sa tuwina nag-uutos ang Panginoon sa kanyang mga tao na magtayo ng mga templo, na mga banal na gusali kung saan ang mga karapat-dapat na mga Banal ay nagsasagawa ng mga banal na seremonya at ordenansa ng ebanghelyo para sa kanilang sarili at alang-alang sa mga patay. Dinadalaw ng Panginoon ang kanyang mga templo, at ang mga ito ang pinakabanal sa lahat ng pook na pinagsasambahan.

Ang tabernakulong itinayo ni Moises at ng mga anak ni Israel ay isang nadadalang templo. Ginamit ito ng mga Israelita noong panahong naglakbay sila mula sa Egipto.

Ang pinakakilalang templo na binanggit sa Biblia ay yaong itinayo ni Solomon sa Jerusalem (2 Cron. 2–5). Winasak ito noong 600 B.C. ng mga taga-Babilonia at muling itinayo ni Zorobabel halos isang daang taon ang nakalipas (Ezra 1–6). Sinunog ang ilang bahagi ng templong ito noong 37 B.C., at di nagtagal ipinatayo itong muli ng Dakilang Herodes. Winasak ng mga Romano ang templo noong A.D. 70.

Sa Aklat ni Mormon, ang mabubuting tagasunod ng Diyos ay pinapatnubayan sa pagtatayo at pagsamba sa mga templo (2 Ne. 5:16; Mos. 1:18; 3 Ne. 11:1). Ang maayos na pagtatayo at paggamit sa templo ay mga palatandaan ng totoong Simbahan sa kahit anong dispensasyon, kasama ang panumbalik na Simbahan sa panahon natin. Ang Templo ng Kirtland ang kauna-unahang templong itinayo at inilaan para sa Panginoon sa dispensasyong ito. Simula noon, ang mga templo ay inilalaan sa maraming lupain sa buong mundo.

Sinong tatayo sa kanyang dakong banal? **Awit** 24:3–5. Magsiahon tayo sa tahanan ng Diyos ni Jacob, **Is.** 2:2–3 (Mi. 4:1–2; 2 Ne. 12:2–3). Ang Panginoon ay biglang paroroon sa kanyang templo, **Mal.** 3:1 (3 Ne. 24:1; D at T 36:8; 42:36). Nilinis ni Jesus ang templo, **Mat.** 21:12–16 (Mar. 11:15–18; Lu. 19:45–48). Inutusan ang mga Banal na magtayo ng isang templo sa Missouri, **D at T** 57:3 (D at T 84:3–5). Magtayo ng isang bahay ng Diyos, **D at T** 88:119

(D at T 109:8). Pinarusahan ng Panginoon ang mga Banal dahil sa kabiguang magtayo ng templo, **D at T** 95:1–12. Hindi ako paroroon sa mga hindi banal na templo, **D at T** 97:15–17. Tinanggap ko ang bahay na ito, at ang pangalan ko ay naririto, **D at T** 110:7–8. Tuwinang inuutusan ang mga tao ng Panginoon na magtayo ng isang bahay sa kanyang pangalan, **D at T** 124:39. Kabilang sa dakilang gawaing gagawin sa mga templo ang pagbubuklod ng mga anak sa kanilang mga magulang, **D at T** 138:47–48. Kabilang sa dakilang gawain sa huling araw ang pagtatayo ng mga templo, **D at T** 138:53–54.

**TEMPLO NG KIRTLAND**

Ang unang templong itinayo ng Simbahan sa makabagong panahon. Itinayo ito ng mga Banal sa Kirtland, Ohio, Estados Unidos ng Amerika, alinsunod sa utos ng Panginoon (D at T 94:3–9). Isang layunin nito ay makapaglaan ng isang lugar kung saan ang karapat-dapat na mga kasapi ng Simbahan ay makatanggap ng kapangyarihang espirituwal, karapatan, at kaliwanagan (D at T 109; 110). Ito ay inilaan noong ika–27 ng Marso 1836; ang panalangin ng paglalaan ay ibinigay sa Propetang si Joseph Smith sa pamamagitan ng paghahayag (D at T 109). Ibinigay ng Panginoon dito ang ilang mahahalagang paghahayag at pinanumbalik ang mga kinakailangang susi ng pagkasaserdote (D at T 110; 137). Ito ay hindi ginamit sa lahat ng ordenansa ng templo na ibinibigay sa mga templo ngayon.

**TERESTRIYAL NA KALUWALHATIAN.** *Tingnan sa* Kaluwalhatiang Terestriyal

**TIANKUM**

Isang dakilang Nephita na pinuno sa militar sa Aklat ni Mormon (Alma 50:35; 51–52; 61–62).

**TIMOTEO.** *Tingnan din sa* Pablo

Sa Bagong Tipan, isang bata pang misyonerong kasama ni Pablo sa panahon ng ministeryo ni Pablo (Gawa 16:1–3; 2 Tim. 1:1–5); anak ng isang amang Griyego at inang Judio; siya at ang kanyang mga magulang ay nanirahan sa Listra.

Itinuring ni Pablo si Timoteo bilang kanyang "sariling anak sa pananampalataya" (1 Tim. 1:2, 18; 2 Tim. 1:2). Marahil si Timoteo ang pinakapinagkakatiwalaan at maaasahang katuwang ni Pablo (Fil. 2:19–23).

**TIMOTEO, MGA SULAT KAY.** *Tingnan din sa* Pablo; Sulat ni Pablo, Mga; Timoteo

Dalawang aklat sa Bagong Tipan. Mga kapwa orihinal na liham na isinulat ni Pablo kay Timoteo.

*Unang Timoteo:* Isinulat ni Pablo ang kanyang unang sulat pagkatapos ng kanyang unang pagkabilanggo. Iniwan niya si Timoteo sa Efeso, binabalak pagkatapos na magbalik (1 Tim. 3:14). Gayunpaman, nadama ni Pablo na maaari siyang mabalam, kaya sumulat siya kay Timoteo, marahil mula sa Macedonia (1 Tim. 1:3), upang bigyan siya ng payo at lakas ng loob sa pagsasagawa ng kanyang tungkulin.

Nilalaman ng kabanata 1 ang pagbati ni Pablo at gayon din ang kanyang mga tagubilin tungkol sa mga hangal na haka-haka na naghahanap ng kanilang landas patungo sa Simbahan. Nagbibigay ang mga kabanata 2–3 ng mga tagubilin hinggil sa pangkalahatang pagsamba at hinggil sa pagkatao at pamamahala ng mga guro. Nilalaman ng mga kabanata 4–5 ang isang paglalarawan ng lubusang pagtalikod sa katotohanan sa huling araw at isang pagpapayo kung paano pakikitunguhan ang mga yaong kanyang pinamumunuan. Ang kabanata 6 ay isang masidhing panghihikayat na patunayan ang pagiging matapat at iwasan ang mga yaman sa mundo.

*Ikalawang Timoteo:* Isinulat ni Pablo ang kanyang pangalawang sulat sa panahon ng kanyang ikalawang pagkabilanggo, konting panahon lamang bago ang

kanyang kamatayan. Naglalaman ito ng mga huling salita ng Apostol at nagpapakita ng kahanga-hangang katatagan at pagtitiwalang kasama niya sa pagharap sa kamatayan.

Nilalaman ng kabanata 1 ang pagbati ni Pablo at tagubilin kay Timoteo. Nagbibigay ang mga kabanata 2–3 ng maraming babala at tagubilin, kalakip ang paghamon na harapin ang mga panganib na darating. Ang kabanata 4 ay isang mensahe sa mga kaibigan ni Pablo, naglalaman ng payo kung paano pakikitunguhan ang mga taong tumiwalag.

**TINAPAY NG BUHAY.** *Tingnan din sa* Jesucristo; Sakramento

Si Jesucristo ang Tinapay ng Buhay. Sa sakramento ang tinapay ay sumasagisag sa katawan ni Cristo.

Ako ang tinapay ng buhay, **Juan** 6:33–58. Kumain at uminom ng tinapay at tubig ng buhay, **Alma** 5:34. Ang tinapay ay pag-alaala sa katawan ni Cristo, **3 Ne.** 18:5–7. Ang tinapay ay sagisag ng laman ni Cristo, **D at T** 20:40, 77 (Moro. 4:1–3).

**TINIG.** *Tingnan din sa* Paghahayag

Tulad ng pagkakagamit sa mga banal na kasulatan, kung minsan ay isang naririnig na pahatid na winika ng Panginoon o ng kanyang mga sugo. Ang tinig ng Espiritu ay maaari ring hindi marinig at tuwirang iparating sa puso o isipan.

Narinig nina Adan at Eva ang tinig ng Panginoong Diyos, **Gen.** 3:8 (Moises 4:14). Nangusap ang Panginoon kay Elijah sa isang marahan at banayad na tinig, **1 Hari** 19:11–13. Sinusunod ng mabubuti ang tinig ng Mabuting Pastol, **Juan** 10:1–16. Ang bawat isa na nasa katotohanan ay nakikinig ng aking tinig, **Juan** 18:37. Sinunod ko ang tinig ng Espiritu, **1 Ne.** 4:6–18. At doon nangusap ang isang tinig sa akin, sinasabing: Enos, ang iyong mga kasalanan ay pinatatawad na, **Enos** 1:5. Ito ay isang marahang tinig na may ganap na kahinahunan at tumagos maging sa buong kaluluwa, **Hel.** 5:29–33 (3 Ne. 11:3–7). Maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa, **D at T** 1:38. Anuman ang kanilang sabihin kapag binigyan-inspirasyon ng Espiritu Santo ay magiging tinig ng Panginoon, **D at T** 68:2–4. Bawat kaluluwang susunod sa aking tinig ay makikita ang aking mukha at malalaman na ako nga, **D at T** 93:1.

**TIPAN.** *Tingnan din sa* Bago at Walang Hanggang Tipan; Sumpa, Mga Sumpa; Sumpa at Tipan ng Pagkasaserdote; Tipang Abraham

Isang kasunduan sa pagitan ng Diyos at ng tao, subalit sila ay hindi pantay sa pagkilos sa kasunduan. Ang Diyos ang siyang nagbibigay ng mga batayan para sa tipan, at ang mga tao ang sumasang-ayong isagawa ang hinihingi niya sa kanilang gawin. Sa gayon pinangangakuan ng Diyos ang mga tao ng ilang mga pagpapala dahil sa kanilang pagiging masunurin.

Ang mga alituntunin at ordenansa ay tinatanggap sa pamamagitan ng tipan. Nangangako ang mga kasapi ng Simbahan na mga nakikipagtipan na kikilalanin ang mga ito. Halimbawa, nakikipagtipan ang mga kasapi ng Simbahan sa Panginoon sa araw ng binyag at inaalaala ang mga tipang yaon sa pamamagitan ng pagbahagi ng sakramento. Gumagawa sila ng mga karagdagang tipan sa templo. Ang mga tao ng Panginoon ay mga pinagtipanang tao at labis na pinagpapala habang tumutupad sila sa kanilang mga tipan sa Panginoon.

Pagtitibayin ko ang aking tipan sa iyo, **Gen.** 6:18. Tuparin ang aking tipan; sa gayon kayo ay magiging isang tanging kayamanan, **Ex.** 19:5. Huwag kang makikipagtipan sa kanila, ni sa kanilang mga diyus-diyusan, **Ex.** 23:32. Ipangilin ang araw ng sabbath bilang isang pinakapalagiang tipan, **Ex.** 31:16. Kailanma'y hindi ko sisirain ang aking tipan sa inyo, **Huk.** 2:1. Ang aking mga Banal ay nakipagtipan sa akin sa pamamagitan ng hain, **Awit** 50:5 (D at T

97:8). Alalahanin ang kanyang banal na tipan, **Lu.** 1:72 (D at T 90:24). Ang kapangyarihan ng Diyos ay napasa mga pinagtipanang tao ng Panginoon, **1 Ne.** 14:14. Ang tipang ginawa kay Abraham ay matutupad sa mga huling araw, **1 Ne.** 15:18 (3 Ne. 16:5, 11–12; 21:7; Morm. 9:37). Handang makipagtipan sa Diyos ang mga tao ni Benjamin na gagawin ang kanyang kalooban, **Mos.** 5:5. Ang pagbibinyag ay isang patotoo na ang tao ay nakipagtipan sa Diyos na gagawin ang kanyang kalooban, **Mos.** 18:13. Kayo ay mga anak ng tipan, **3 Ne.** 20:25–26. Tinutupad at ginagawa ng mga anghel ang gawain ng mga tipan ng ama, **Moro.** 7:31. Ang pagbubuhos ng dugo ni Cristo ang siyang tipan, **Moro.** 10:33. Bawat taong kasapi ng simbahang ito ni Cristo ay nararapat tumupad sa lahat ng tipan, **D at T** 42:78. Pinagpala silang mga tumupad sa tipan, **D at T** 54:6. Siya na sisira sa tipang ito ay maaalis sa kanyang katungkulan at katayuan sa simbahan, **D at T** 78:11–12. Lahat ng yaong tumatanggap sa pagkasaserdote ay tumatanggap ng sumpa at tipang ito, **D at T** 84:39–40. Handa silang tumupad sa kanilang mga tipan sa pamamagitan ng paghahain, **D at T** 97:8. Ang tipan ng kasal ay magpasawalang hanggan, **D at T** 132. Ito ang ating magiging tipan, na tayo ay lalakad sa lahat ng ordenansa, **D at T** 136:4.

**TIPANG ABRAHAM.** *Tingnan din sa* Abraham; Pagtutuli; Tipan

Natanggap ni Abraham ang ebanghelyo at inordenan sa nakatataas na pagkasaserdote (D at T 84:14; Abr. 2:11), at pumasok siya sa kasal na selestiyal, na siyang tipan ng kadakilaan (D at T 131:1–4; 132:19, 29). Natanggap ni Abraham ang isang pangako na lahat ng pagpapala ng mga tipang ito ay ihahandog sa kanyang mga inapo sa buhay na ito (D at T 132:29–31; Abr. 2:6–11). Magkakasama, ang mga tipan at pangakong ito ay tinatawag na tipang Abraham. Ang panunumbalik ng tipang ito ay panunumbalik ng ebanghelyo sa mga huling araw, sapagkat sa pamamagitan nito ay pagpapalain ang lahat ng bansa sa mundo (Gal. 3:8–9, 29; D at T 110:12; 124:58; Abr. 2:10–11).

**TITO.** *Tingnan din sa* Pablo; Sulat ni Pablo, Mga; Tito, Sulat kay

Sa Bagong Tipan, isang mapagkakatiwalaang Griyego na nagbalik-loob na naglakbay kasama ni Pablo sa Jerusalem at di naglaon ay naging misyonero (Gal. 2:1–4; 2 Tim. 4:10). Inihatid ni Tito ang unang sulat ni Pablo sa mga Banal sa Corinto (2 Cor. 7:5–8, 13–15).

**TITO, SULAT KAY.** *Tingnan din sa* Pablo; Sulat ni Pablo, Mga; Tito

Habang si Pablo ay pansamantalang nakalaya mula sa pagbibilanggo ng Romano, isinulat niya ang sulat kay Tito, na nasa Creta. Ang liham ay halos naglalaman ng mga katanungang nauugnay sa disiplinang panloob at sa samahan ng Simbahan.

Nilalaman sa kabanata 1 ang pagbati ni Pablo gayon din ang mga tagubilin at pangkalahatang katangian ng mga obispo. Nilalaman sa mga kabanata 2–3 ang mga pangkalahatang pagtuturo at personal na habilin kay Tito hinggil sa pakikitungo ng iba't ibang pangkat sa Simbahan ng Creta. Hinikayat ni Pablo ang mga Banal na paglabanan ang kasamaan, maging mahinahon at matapat, at panatilihin ang mabubuting gawa.

**TIYAGA.** *Tingnan din sa* Maamo, Kaamuan; Makapagtiis

Matahimik na pagtitiis; ang kakayahang matiis ang mga paghihirap, paghamak, o pinsala nang walang pagdaing o paghihiganti.

Ikaw ay magpahinga sa Panginoon, at maghintay kang may pagtitiis sa kanya, **Awit** 37:7–8. Siya na makupad sa pagkagalit ay may dakilang pang-unawa, **Kaw.** 14:29. Sa inyong pagtitiis ay maipagwawagi ninyo ang inyong mga kaluluwa, **Lu.** 21:19. Sa pamamagitan ng pagtitiis at pag-aliw ng mga kasulatan ay magkakaroon tayo ng pag-

asa, **Rom.** 15:4. Maging tagatulad kaya nila na sa pamamagitan ng pananampalataya at pagtitiis ay magmamana ng mga pangako, **Heb.** 6:12–15. Inyong pabayaan na ang pagtitiis ay magkaroon ng sakdal na paggawa, upang kayo'y maging sakdal at ganap, **Sant.** 1:2–4. Inyong nabalitaan ang pagtitiis ni Job, **Sant.** 5:11. Sila ay nagpasailalim nang may kagalakan at nang may pagtitiis sa lahat ng kalooban ng Diyos, **Mos.** 24:15. Tiniis mo ang lahat ng bagay na ito nang may pagtitiyaga dahil sa kasama mo ang Panginoon, **Alma** 38:4–5. Magpatuloy sa pagtitiyaga hanggang sa ikaw ay maging ganap, **D at T** 67:13.

**TIYAK NA PAGKAMATAY, MAY KAMATAYAN.** *Tingnan din sa* Daigdig; Kamatayan, Pisikal na; Katawan; Pagkahulog nina Adan at Eva

Ang panahon mula sa pagsilang hanggang kamatayan. Ito minsan ay tinatawag na pangalawang kalagayan.

Sa araw na kakainin ninyo ito kayo ay tiyak na mamamatay, **Gen.** 2:16–17 (Moi. 3:16–17). Sa kamatayan ang espiritu ay babalik sa Diyos at ang katawan sa alabok ng lupa, **Ec.** 12:7 (Gen. 3:19; Moi. 4:25). Huwag hayaang maghari ang kasalanan sa inyong mortal na katawan, **Rom.** 6:12. Ang may kamatayan na katawang ito ay nararapat na magbihis ng kawalang-kamatayan, **1 Cor.** 15:53 (Enos 1:27; Mos. 16:10; Morm. 6:21). Ang kalagayan ng tao ay naging kalagayan ng pagsubok, **2 Ne.** 2:21 (Alma 12:24; 42:10). Si Adan ay nahulog upang ang tao ay maging gayon, **2 Ne.** 2:25. Kayo ba ay umaasa at nakikita ang may kamatayang katawang ito na ibinabangon sa kawalang-kamatayan? **Alma** 5:15. Ang buhay na ito ang panahon para sa mga tao na maghanda sa pagharap sa Diyos, **Alma** 34:32. Huwag matakot sa kamatayan, sapagkat ang iyong kagalakan ay hindi ganap sa daigdig na ito, **D at T** 101:36. Ang mga yaong naingatan ang kanilang pangalawang kalagayan ay magkakaroon ng kaluwalhatian, **Abr.** 3:26.

**TOMAS**

Sa Bagong Tipan, isa sa mga orihinal na Labindalawang Apostol na pinili ng Tagapagligtas sa panahon ng kanyang ministeryo sa buhay na ito. Sa Griyego ang pangalan ay Didimo (Mat. 10:2–3; Juan 14:5; 20:24–29; 21:2). Kahit na nagalinlangan si Tomas sa pagkabuhay na mag-uli ni Jesus, hanggang sa nakita niya mismo ang Tagapagligtas, ang lakas ng kanyang pagkatao ang naghanda sa kanya upang harapin ang pag-uusig at kamatayan kasama ng kanyang Panginoon (Juan 11:16; 20:19–25).

**TSISMIS.** *Tingnan din sa* Alingawngaw; Pagsasalita nang Masama

Ang pagbabahagi ng mga katotohanang personal o kaalaman tungkol sa isang tao na walang pagsang-ayon ng taong yaon.

Sa bawat walang kabuluhang salita na sasabihin ng mga tao, ipagsusulit nila yaon, **Mat.** 12:36. Pinapayuhan ang mga banal na huwag maging dalahira at mapanghimasok, mapagsalita ng mga bagay na hindi nararapat, **1 Tim.** 5:11–14. Huwag kayong magsasalita nang masama sa inyong kapwa, **D at T** 42:27. Patatagin ang iyong mga kapatid sa lahat ng iyong pakikipag-usap, **D at T** 108:7.

**TUBOS, TINUBOS, PAGTUBOS.** *Tingnan din sa* Bayad-sala, Pagbabayad-sala; Jesucristo; Kaligtasan; Kamatayan, Espirituwal na; Kamatayan, Pisikal na; Pagkahulog nina Adan at Eva

Iligtas, bilhin, o tubusin, sa gayon mapalalaya ang isang tao mula sa pagkaalipin sa pamamagitan ng kabayaran. Ang *Pagtubos* ay tumutukoy sa pagbabayad-sala ni Jesucristo at sa paglaya mula sa kasalanan. Ang pagbabayad-sala ni Jesucristo ang tumubos sa buong sangkatauhan mula sa kamatayang pisikal. Sa pamamagitan ng kanyang pag-

babayad-sala, sila na may pananampalataya sa kanya at nagsisisi ay tinubos din mula sa kamatayang espirituwal.

Tinubos kita, **Is.** 44:22. Aking tutubusin sila mula sa kamatayan, **Os.** 13:14 (Awit 49:15). Mayroon tayo ng ating katubusan sa pamamagitan ng dugo ni Cristo, **Ef.** 1:7, 14 (Heb. 9:11–15; 1 Ped. 1:18–19; Alma 5:21; Hel. 5:9–12). Tinubos ng Panginoon ang aking kaluluwa mula sa impiyerno, **2 Ne.** 1:15. Ang pagtubos ay darating sa at sa pamamagitan ng Banal na Mesiyas, **2 Ne.** 2:6–7, 26 (Mos. 15:26–27; 26:26). Sila ay umawit ng mapagtubos na pag-ibig, **Alma** 5:9 (Alma 5:26; 26:13). Ang masasama ay mananatili na parang walang pagtubos na ginawa, **Alma** 11:40–41 (Alma 34:16; 42:13; Hel. 14:16–18). Pinapangyari ni Jesucristo ang pagkabuhay na mag-uli ng sanlibutan, **Morm.** 7:5–7. Ang kapangyarihan ng pagtubos ay mapapasakanilang lahat na walang batas, **Moro.** 8:22 (D at T 45:54). Sila na hindi naniniwala ay hindi matutubos sa kanilang espirituwal na pagkahulog, **D at T** 29:44. Ang mga bata ay tinubos na mula pa sa pagkakatatag ng daigdig, **D at T** 29:46. Tinubos ng Panginoon ang kanyang mga tao, **D at T** 84:99. Nakita ni Joseph F. Smith sa pangitain ang pagtubos sa mga patay, **D at T** 138. Nagsaya sina Adan at Eva sa kanilang pagkakatubos, **Moi.** 5:9–11.

**TUKSO, PANUNUKSO.** *Tingnan din sa* Diyablo; Kalayaang Mamili; Makapagtiis

Pagsubok sa kakayahan ng isang tao sa pagpili ng mabuti kaysa masama; panghihikayat magkasala at sumunod kay Satanas sa halip na sa Diyos.

Huwag mo kaming ihatid sa tukso, kundi iligtas mo kami sa masama, **Mat.** 6:13 (3 Ne. 13:12). Hindi itutulot ng Diyos na kayo'y tuksuhin nang higit sa inyong makakaya, **1 Cor.** 10:13. Si Cristo ay tinukso na gaya rin naman natin, **Heb.** 4:14–15. Mapalad ang taong nagtitiis ng tukso, **Sant.** 1:12–14. Hindi magagapi ng mga tukso ng kaaway yaong mga nakikinig sa salita ng Diyos, **1 Ne.** 15:24 (Hel. 5:12). Ang tao ay hindi makakikilos para sa kanyang sarili maliban na siya ay nahikayat ng isa o ng iba, **2 Ne.** 2:11–16. Magbantay at patuloy na manalangin, upang kayo ay hindi matukso nang higit sa inyong makakaya, **Alma** 13:28. Turuan silang paglabanan ang bawat tukso ng diyablo, sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, **Alma** 37:33. Laging manalangin, baka kayo ay matukso, **3 Ne.** 18:15, 18 (D at T 20:33; 31:12; 61:39). Mag-ingat sa kapalaluan, upang huwag kang matukso, **D at T** 23:1. Napasailalim si Adan sa kalooban ng diyablo, dahil siya ay nagpadala sa tukso, **D at T** 29:39–40. Naiwan ako sa lahat ng uri ng tukso, **JS—K** 1:28.

**TULISAN NI GADIANTON, MGA.** *Tingnan din sa* Lihim na Pagsasabwatan, Mga

Sa Aklat ni Mormon, isang pangkat ng mga tulisan na itinatag ng isang masamang Nephita na nagngangalang Gadianton. Ang kanilang kapisanan ay batay sa pagsasabwatan at sa mga sumpaang makasatanas.

Ang Gadianton ang naging dahilan ng pagkalipol ng bansang Nephita, **Hel.** 2:12–13. Nagbigay ang diyablo ng lihim na mga panunumpa at tipan kay Gadianton, **Hel.** 6:16–32. Ang lihim na pagsasabwatan ang naging dahilan ng pagkalipol ng bansang Jaredita, **Eter** 8:15–26.

**TULOG**

Lagay na namamahinga kung saan ang isang tao ay hindi kumikilos at walang malay. Pinagpayuhan ng Panginoon ang kanyang mga Banal na huwag matulog nang matagal sa kinakailangan (D at T 88:124). Ang matulog ay maaari ring maging isang sagisag ng kamatayang espirituwal (1 Cor. 11:30; 2 Ne. 1:13) o ng kamatayang pisikal (Morm. 9:13).

**TUNGKOD NI EPHRAIM.** *Tingnan sa* Ephraim—Ang talaan ni Ephraim o Jose

**TUNGKOD NI JOSE.** *Tingnan sa* Ephraim—Ang talaan ni Ephraim o Jose

**TUNGKOD NI JUDA.** *Tingnan sa* Juda—Ang talaan ni Juda

**TUNGKULIN.** *Tingnan din sa* Pagsunod, Masunurin, Sumunod; Tawag, Tinawag ng Diyos, Pagkakatawag

Sa mga banal na kasulatan, isang gawain, takdang aralin, o responsibilidad, na malimit na ibinibigay ng Panginoon o ng kanyang mga tagapaglingkod.

Sundin ang kanyang mga kautusan: sapagkat ito ang buong tungkulin ng tao, **Ec.** 12:13. Ano ang hinihingi ng Panginoon sa iyo, kundi gumawa nang may katarungan, **Mi.** 6:8. Dapat muna kaming magsitalima sa Diyos bago sa tao, **Gawa** 5:29. Binagabag sila sa paghihirap upang pukawin sila sa pag-alaala ng kanilang tungkulin, **Mos.** 1:17. Inilarawan ang mga tungkulin ng mga elder, saserdote, guro, at diyakono, **D at T** 20:38–67. Ang may hawak ng pagkasaserdote ay nararapat na isagawa ang mga tungkuling pangmag-anak, **D at T** 20:47, 51. Inilarawan ang mga tungkulin ng mga kasapi matapos mabinyagan, **D at T** 20:68–69. Ang aking mga elder ay kailangan pang maghintay ng maikling panahon upang makaalam pa nang mas ganap ang aking mga tao hinggil sa kanilang tungkulin, **D at T** 105:10. Ang bawat tao ay matuto ng kanyang tungkulin, **D at T** 107:99–100.

**TURUAN, GURO.** *Tingnan din sa* Espiritu Santo

Magbigay ng kaalaman sa iba, lalunglalo na ang tungkol sa mga katotohanan ng ebanghelyo, at gabayan sila sa kabutihan. Sila na mga nagtuturo ng ebanghelyo ay dapat pinapatnubayan ng Espiritu. Mga guro ang lahat ng magulang sa kanilang sariling mga maganak. Dapat na maghangad at maging handa ang mga Banal na tumanggap ng mga tagubilin mula sa Panginoon at sa kanyang mga pinuno.

Ipakilala sila sa iyong mga anak, **Deut.** 4:8–9. Iyong ituturo sila nang masigasig sa iyong mga anak, **Deut.** 6:7 (Deut. 11:18–19). Turuan mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, **Kaw.** 22:6. Ang iyong mga anak ay tuturuan ng Panginoon, **Is.** 54:13 (3 Ne. 22:13). Nalalaman namin na ikaw ay isang guro na nagbuhat sa Diyos, **Juan** 3:2. Ikaw nga na nagtuturo sa iba, hindi mo tinuturuan ang iyong sarili? **Rom.** 2:21. Ako'y naturuan ng lahat halos ng karunungan ng aking ama, **1 Ne.** 1:1 (Enos 1:1). Kinakailangang magturo nang masigasig ang mga saserdote o managot sa mga kasalanan ng tao ng kanilang sariling ulo, **Jac.** 1:18–19. Makinig sa akin, at buksan ang inyong mga tainga, **Mos.** 2:9. Tuturuan ang inyong mga anak na mahalin at paglingkuran ang isa't isa, **Mos.** 4:15. Huwag pagkatiwalaan ang sinuman na inyong maging guro maliban na siya ay tao ng Diyos, **Mos.** 23:14. Ibinuhos ng Panginoon ang kanyang Espiritu sa lahat ng dako ng lupain upang ihanda ang kanilang mga puso na tanggapin ang salita, **Alma** 16:16. Sila ay nagturo nang may kapangyarihan at karapatan ng Diyos, **Alma** 17:2–3. Tinuruan sila ng kanilang mga ina, **Alma** 56:47 (Alma 57:21). Yayamang sila ay naghahangad ng karunungan sila ay maaaring turuan, **D at T** 1:26. Turuan ang bawat isa alinsunod sa tungkulin kung saan ko kayo itinalaga, **D at T** 38:23. Magturo ng mga alituntunin ng aking ebanghelyo, na nasa Biblia at Aklat ni Mormon, **D at T** 42:12. Kayo ay kailangang maturuan mula sa kaitaasan, **D at T** 43:15–16. Tuturuan ng mga magulang ang kanilang mga anak, **D at T** 68:25–28. Turuan ninyo ang bawat isa ng doktrina ng kaharian, **D at T** 88:77–78, 118. Magtalaga sa inyo ng isang guro, **D at T** 88:122. Hindi mo tinuruan ang iyong mga anak ng liwanag at katotohanan, at ito ang dahilan ng iyong pagdurusa, **D at T** 93:39–42. Malayang ituro ang mga bagay na ito sa iyong mga anak, **Moi.** 6:57–61.

*Pagtuturo na may Espiritu:* Hindi kayo ang magsasalita, kundi ang Espiritu ang sa inyo ay magsasalita, **Mat.** 10:19–20. Hindi baga nag-aalab ang ating puso sa loob natin samantalang binubuksan niya sa atin ang mga banal na kasulatan? **Lu.** 24:32. Ipinangangaral ang ebanghelyo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu, **1 Cor.** 2:1–14. Nangusap siya nang may kapangyarihan at karapatan mula sa Diyos, **Mos.** 13:5–9 (Alma 17:3; Hel. 5:17). Mapapasaiyo ang aking Espiritu tungo sa ikahihikayat ng mga tao, **D at T** 11:21. Ikaw ay maririnig sa lahat ng bagay, na ituturo mo sa pamamagitan ng Mang-aaliw, **D at T** 28:1 (D at T 52:9). Kung hindi ninyo natanggap ang Espiritu kayo ay hindi magtuturo, **D at T** 42:14 (D at T 42:6). Turuan ang mga anak ng tao ng mga bagay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng aking Espiritu, **D at T** 43:15. Mangangaral ng ebanghelyo ang mga elder sa pamamagitan ng Espiritu, **D at T** 50:13–22. Ibibigay ito sa inyo sa oras ding iyon ang inyong sasabihin, **D at T** 84:85 (D at T 100:5–8).

**UBASAN NG PANGINOON.** *Tingnan din sa* Bukid; Israel

Isang sagisag sa isang larangan ng espirituwal na pagpapagal. Sa mga banal na kasulatan, ang ubasan ng Panginoon ay kadalasang tumutukoy sa sambahayan ni Israel o sa kaharian ng Diyos sa lupa. Paminsan-minsan, ito ay tumutukoy sa mga tao sa daigdig.

Ang sambahayan ni Israel ang ubasan ng Panginoon ng mga hukbo, **Is.** 5:7 (2 Ne. 15:7). Ibinigay ni Jesus ang talinhaga ng mga manggagawa sa ubasan, **Mat.** 20:1–16. Ang Israel ay tulad sa isang tunay na punong olibo na inalagaan sa olibohan ng Panginoon, **Jac.** 5. Pupungusan ng mga tagapaglingkod ng Panginoon ang kanyang olibohan sa huling pagkakataon, **Jac.** 6. Pagpapalain ng Panginoon ang lahat ng gumagawa sa kanyang ubasan, **D at T** 21:9 (Alma 28:14). Gumawa kayo sa aking ubasan sa huling pagkakataon, **D at T** 43:28.

**UNANG ALITUNTUNIN NG EBANGHELYO.** *Tingnan sa* Espiritu Santo; Magsisi, Pagsisisi; Pagbibinyag, Binyagan; Pananampalataya

**UNANG PANGITAIN.** *Tingnan din sa* Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo; Smith, Joseph, Jr.

Ang pagpapakita ng Diyos Ama at ng kanyang Anak na si Jesucristo sa Propetang si Joseph Smith sa kakahuyan.

Noong sa tagsibol ng 1820, si Joseph Smith, Jr., ay nasa kanyang ikalabinlimang taon. Nakatira siyang kasama ang kanyang mag-anak sa bayan ng Palmyra, New York. Malapit sa kanlurang bahagi ng tahanan ng mag-anak ay isang kakahuyan ng malalaking puno. Sa pook ding ito nagtungo si Joseph upang manalangin sa Diyos upang malaman kung aling simbahan ang tama. Napukaw ang kanyang damdamin habang nagbabasa ng Biblia na kailangan niyang hanapin ang kasagutang yaon mula sa Diyos (Sant. 1:5–6). Bilang kasagutan sa kanyang panalangin, ang Ama at Anak ay nagpakita sa kanya at sinabi sa kanya na huwag sumali sa alinmang simbahang nasa lupa, sapagkat silang lahat ay mali (Joseph Smith—Kasaysayan 1:15–20). Ang banal na karanasang ito ang nagpasimula ng pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari na nagbunsod ng panunumbalik ng ebanghelyo at ng totoong Simbahan ni Cristo.

**UNANG PANGULUHAN.** *Tingnan din sa* Paghahayag; Pangulo; Susi ng Pagkasaserdote, Mga

Ang Pangulo ng Simbahan at ang kanyang mga Tagapayo. Sila ay isang korum ng tatlong mataas na saserdote at namumuno sa buong Simbahan. Hinahawakan ng Unang Panguluhan ang lahat ng susi ng pagkasaserdote.

Ang mga susi ng kaharian ay lagi nang nasa Panguluhan ng Mataas na Pagkasaserdote, **D at T** 81:2. May karapatan ang Panguluhan ng Mataas na Pagkasaserdote na gumanap sa lahat ng ka-

tungkulan, **D at T** 107:9, 22. Kung sinuman ang tumatanggap sa akin ay tinatanggap ang Unang Panguluhan, **D at T** 112:20, 30. Ang Unang Panguluhan ay tatanggap ng mga orakulo (mga paghahayag) para sa buong Simbahan, **D at T** 124:126.

**UR**

Sa Lumang Tipan, ang Ur ng mga taga-Caldeo ang tahanang pinagmulan ni Abram (Gen. 11:27–28, 31; 15:7; Neh. 9:7; Abr. 2:1, 4).

**URIM AT TUMMIM.** *Tingnan din sa* Baluti sa Dibdib; Tagakita

Mga kagamitang inihanda ng Diyos upang tulungan ang tao sa pagkuha ng paghahayag at sa pagsasalin ng mga wika. Sa wikang Hebreo ang kahulugan ng mga salita ay "mga liwanag at kaganapan." Ang Urim at Tummim ay binubuo ng dalawang bato na nasa mga balantok na pilak at kung minsan ginagamit kasama ng isang baluti sa dibdib (D at T 17:1; JS—K 1:35, 42, 52). Ang mundong ito ay magiging isang malaking Urim at Tummim sa kanyang pinabanal at walang kamatayang kalagayan (D at T 130:6–9).

Ilalagay mo sa baluti sa dibdib ng paghahatol ang Urim at ang Tummim, **Ex.** 28:30. Sa kanya na nagtagumpay ay bibigyan ko ng isang puting bato, **Apoc.** 2:17. May kakayahan siya na tumingin, at magsalin, **Mos.** 8:13. Ang dalawang batong ito ay ibibigay ko sa iyo, **Eter** 3:23–24, 28 (Eter 4:5). Nakatanggap si Joseph Smith ng mga paghahayag sa pamamagitan ng Urim at Tummim, mga panimula ng **D at T** hanggang bahagi 6, 11, 14–16. Mayroon kang kapangyarihang ibinigay sa iyo upang makapagsalin sa pamamagitan ng Urim at Tummim, **D at T** 10:1. Makikita ng Tatlong Saksi ang Urim at Tummim, na ibinigay sa kapatid ni Jared sa bundok, **D at T** 17:1. Ang pook kung saan ang Diyos ay nananahan ay isang malaking Urim at Tummim. Magiging isang Urim at Tummim ang puting bato sa bawat taong tumatanggap nito, **D at T** 130:6–11. Ako, si Abraham, ay may iniingatang Urim at Tummim, **Abr.** 3:1, 4.

**USIGIN, PAG-UUSIG.** *Tingnan din sa* Pagdurusa

Ang magbigay ng dalamhati o pasakit sa iba dahil sa kanilang mga paniniwala o kalagayan sa lipunan; manligalig o mang-api.

Pinagpala ang mga pinag-uusig dahil sa katwiran, **Mat.** 5:10 (3 Ne. 12:10). Ipanalangin sila na mga gumagamit at nang-uusig sa inyo, **Mat.** 5:44 (3 Ne. 12:44). Sapagkat sila ay mayayaman kanilang hinahamak ang mga maaamo, **2 Ne.** 9:30 (2 Ne. 28:12–13). Ang mabubuting umaasa kay Cristo sa kabila ng lahat ng pag-uusig ay hindi masasawi, **2 Ne.** 26:8. Ang lahat ng bagay na ito ay magbibigay sa iyo ng karanasan, **D at T** 122:7.

**UTANG.** *Tingnan din sa* Magpatawad

Tulad ng pagkakagamit sa mga banal na kasulatan, ang hiniram na salapi o ari-arian sa iba ay nagdadala sa nanghiram sa isang uri ng pagkaalipin. Sa ibang dako, itinuro ni Jesus na dapat nating hingin ang kapatawaran ng Ama sa ating mga pagkakautang, o palayain tayo mula sa pagbabayad ng ating mga kasalanan—sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Jesucristo—matapos nating patawarin ang iba sa kanilang mga pagkakasala sa atin (Mat. 6:12; 3 Ne. 13:11).

Ang masama ay nanghihiram at hindi nagsasauli, **Awit** 37:21. Ang nanghihiram ay alipin ng nagpapahiram, **Kaw.** 22:7. Ipinatawad ko sa iyo ang lahat ng utang na yaon: Hindi ba dapat na ikaw naman ay mahabag? **Mat.** 18:23–35. Huwag magkautang ng anupaman sa kanino man, kundi mahalin ang isa't isa, **Rom.** 13:8. Kayo ay may walang hanggang pagkakautang sa inyong Ama sa Langit, **Mos.** 2:21–24, 34. Sinuman ang manghiram sa kanyang kapitbahay ay nararapat na isauli ang bagay na kanyang hiniram, **Mos.** 4:28. Bayaran ang pagkakautang, at palayain ang sari-

li mula sa pagkaalipin, **D at T** 19:35. Ipinagbabawal na magkaroon ng pagkakautang sa inyong mga kaaway, **D at T** 64:27. Bayaran ang lahat ng inyong utang, **D at T** 104:78. Huwag mangutang sa pagtatayo ng bahay ng Panginoon, **D at T** 115:13.

**WALANG HANGGANG AMA.** *Tingnan sa* Ama sa Langit; Diyos, Panguluhang Diyos

**WALANG HANGGANG TIPAN.** *Tingnan sa* Bago at Walang Hanggang Tipan; Tipan

**WALANG KAPATAWARANG KASALANAN.** *Tingnan din sa* Anak na Lalaki ng Kapahamakan, Mga; Espiritu Santo; Lapastangan, Kalapastanganan; Pagpaslang

Ang pagkakasala ng pagtatatwa sa Espiritu Santo, isang kasalanan na hindi mapatatawad.

Ang paglapastangan laban sa Espiritu Santo ay hindi ipatatawad sa mga tao, **Mat.** 12:31–32 (Mar. 3:29; Lu. 12:10). Hindi mangyayari para sa mga yaong nakalasap ng Espiritu Santo na baguhin silang muli ng pagsisisi, **Heb.** 6:4–6. Kung sinasadya nating magkasala pagkatapos na makatanggap tayo ng kaalaman ng katotohanan, ay wala ng sakripisyong natitira pa para sa mga kasalanan, **Heb.** 10:26. Kung iyong itatatwa ang Espiritu Santo at alam mo na itinatwa mo ito, ito ay isang kasalanan na walang kapatawaran, **Alma** 39:5–6 (Jac. 7:19). Wala silang kapatawaran, na itinakwil ang Bugtong na Anak, na ipinako siya sa kanilang sarili, **D at T** 76:30–35. Ang paglapastangan sa Espiritu Santo ay walang kapatawaran, na siyang pagpapadanak ng walang malay na dugo pagkatapos ninyong tanggapin ang aking bago at walang hanggang tipan, **D at T** 132:26–27.

**WALANG KATAPUSAN.** *Tingnan din sa* Diyos, Panguluhang Diyos

Isa sa mga pangalan ng Diyos, ipinakikilala ang kanyang likas na walang hanggang katangian (D at T 19:10–12; Moi. 1:3; 7:35).

**WHITMER, DAVID**

Isa sa mga naunang pinuno sa napanumbalik na Simbahan at isa sa Tatlong Saksi sa banal na pinagmulan at katotohanan ng Aklat ni Mormon (D at T 14, 17–18). Binigyan siya ng mga pansariling tagubilin ng Panginoon sa D at T 14 at 30:1–4.

**WHITMER, JOHN**

Isa sa mga naunang pinuno sa napanumbalik na Simbahan at isa sa Walong Saksi sa Aklat ni Mormon. Tingnan sa "Ang Patotoo ng Walong Saksi" sa mga pambungad na pahina ng Aklat ni Mormon. Siya rin ay tinawag na mangaral ng ebanghelyo (D at T 30:9–11).

**WHITMER, PETER, JR.**

Isa sa mga naunang pinuno sa napanumbalik na Simbahan at isa sa Walong Saksi sa Aklat ni Mormon. Tingnan sa "Ang Patotoo ng Walong Saksi" sa mga pambungad na pahina ng Aklat ni Mormon. Binigyan siya ng mga pansariling tagubilin ng Panginoon sa Doktrina at mga Tipan 16 at 30:5–8.

**WHITNEY, NEWEL K.**

Isa sa mga naunang pinuno sa napanumbalik na Simbahan. Si Newel K. Whitney ay obispo sa Kirtland, Ohio (Estados Unidos ng Amerika), at di naglaon ay naglingkod bilang Namumunong Obispo ng Simbahan (D at T 72:1–8; 104; 117).

**WIKA**

Mga salita, isinulat o binigkas, pinagsasama sa isang tiyak na paraan upang magbigay ng kaalaman, kaisipan, at kuru-kuro. Kung paano natin ginagamit ang wika ay nagpapakita kung ano ang ating nararamdaman para sa Diyos at sa ibang tao. Sa ikalawang pagparito ni Jesucristo, ang Panginoon ay magbibigay sa buong sangkatauhan ng isang dalisay na wika (Zef. 3:8–9).

Ang buong lupa ay iisa ang wika, **Gen.** 11:1. Ginulo ng Panginoon ang wika ng

buong mundo, **Gen.** 11:4–9. Kanilang narinig ang bawat isa na sinasalita ang kanyang sariling wika, **Gawa** 2:1–6. Ang Panginoon ay nagsasalita sa mga tao alinsunod sa kanilang wika, **2 Ne.** 31:3 (D at T 1:24). Tinuruan ni Benjamin ang kanyang mga anak ng wika ng kanyang mga ama, nang sa gayon sila ay maging mga lalaking may pang-unawa, **Mos.** 1:2–5. Siya na ang salita ay may kaamuan at nagpapatibay ay mula sa Diyos kung sinusunod niya ang aking mga ordenansa, **D at T** 52:16. Maging bihasa sa mga wika, dila, at tao, **D at T** 90:15. Si Adan at ang kanyang mga anak ay may wikang dalisay at walang halo, **Moi.** 6:5–6, 46. Binigyan ng Diyos si Enoc ng dakilang kapangyarihan sa salita, **Moi.** 7:13.

**WIKA, KALOOB NA MGA.** *Tingnan din sa* Dila; Kaloob ng Espiritu, Mga

Isang kaloob ng Espiritu Santo na nagpapahintulot sa taong nabigyan-inspirasyon upang magsalita, umunawa, o magpaliwanag ng mga di kilalang wika. Naniniwala kami sa kaloob na mga wika (S ng P 1:7).

Napuspos silang lahat ng Espiritu Santo, at nagsimulang mangusap ng iba't ibang wika, **Gawa** 2:4. Siya na nagsasalita sa isang di kilalang wika ay hindi sa mga tao nagsasalita, kundi sa Diyos, **1 Cor.** 14:1–5, 27–28. Ang mga wika ay pinakatanda sa kanila na hindi naniniwala, **1 Cor.** 14:22–28. Pagkatapos darating ang pagbibinyag ng apoy at ng Espiritu Santo; at pagkatapos kayo ay makapagsasalita ng wika ng mga anghel, **2 Ne.** 31:13-14. Hinikayat ni Amaleki ang lahat ng tao na maniwala sa kaloob na pagsasalita ng mga wika, **Omni** 1:25. Ipinagkakaloob sa iba na makapagsalita ng mga wika; at sa iba ang pagpapakahulugan sa mga wika, **D at T** 46:24–25 (1 Cor. 12:10; Moro. 10:8, 15–16). Mabuhos ang kaloob na mga wika, **D at T** 109:36.

**WILLIAMS, FREDERICK G.**

Isa sa mga naunang pinuno sa napanumbalik na Simbahan na naglingkod ng ilang panahon bilang isang tagapayo sa Panguluhan ng Mataas na Pagkasaserdote (D at T 81; 90:6, 19; 102:3).

**WOODRUFF, WILFORD.** *Tingnan din sa* Manifesto; Opisyal na Pahayag—1

Ang ikaapat na Pangulo ng Simbahan kasunod ng panunumbalik ng ebanghelyo sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Siya ay isinilang noong 1807 at namatay noong 1898.

Tinawag na manungkulan sa Kapulungan ng Labindalawa, **D at T** 118:6. Kabilang sa mga piling espiritu na inilaang isilang sa kaganapan ng panahon, **D at T** 138:53. Nakatanggap ng paghahayag na itigil ang maramihang pagpapakasal sa Simbahan, **D at T** OP—1.

**YAMAN.** *Tingnan sa* Kayamanan, Mga

**YOUNG, BRIGHAM**

Isa sa mga naunang Apostol sa dispensasyong ito at ikalawang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Pinamunuan niya ang mga Banal pakanluran mula sa Nauvoo, Illinois, hanggang sa Lambak ng Salt Lake at isang dakilang mananakop sa kanlurang bahagi ng Estados Unidos.

Si Brigham Young ay tinawag na maging pangulo ng Labindalawang Apostol, **D at T** 124:127. Si Brigham Young ay pinapurihan dahil sa kanyang mga nagawa at pinapagpahinga sa paglalakbay sa ibang bansa sa hinaharap, **D at T** 126. Inatasan ng Panginoon si Brigham Young kung paano isasaayos ang mga Banal para sa kanilang pakanlurang paglalakbay, **D at T** 136. Kabilang si Brigham Young sa mga piling tao sa daigdig ng mga espiritu, **D at T** 138:53.

**ZABULON.** *Tingnan din sa* Israel; Jacob, Anak ni Isaac

Sa Lumang Tipan, anak nina Jacob at Lea (Gen. 30:19–20).

*Ang lipi ni Zabulon:* Binasbasan ni Jacob ang lipi ni Zabulon (Gen. 49:13). Nakiisa ang lipi ni Zabulon kina Debora at Barac sa pakikipaglaban sa mga kaaway ng Israel (Huk. 4:4–6, 10). Nakiisa rin sila kay Gedeon sa pakikipaglaban sa mga Madianita (Huk. 6:33–35).

**ZACARIAS** (Bagong Tipan). *Tingnan din sa* Elisabet; Juan Bautista

Sa Bagong Tipan, ang ama ni Juan Bautista. Hawak ni Zacarias ang katungkulan ng isang saserdote at nanunungkulan sa templo.

Pinangakuan ng anghel na si Gabriel si Zacarias at ang kanyang asawang si Elisabet ng isang anak, **Lu.** 1:5–25 (D at T 27:7). Ang kanyang dila ay nakalag, **Lu.** 1:59–79. Si Zacarias ay pinatay sa pagitan ng templo at ng dambana, **Mat.** 23:35 (Lu. 11:51).

**ZACARIAS** (Lumang Tipan)

Isang propeta sa Lumang Tipan na nagpropesiya noong mga 520 B.C. Nabuhay siyang kasabay ni Propetang Hageo (Ezra 5:1; 6:14).

*Ang aklat ni Zacarias:* Ang aklat ay tanyag sa mga propesiyang tungkol sa ministeryo sa lupa ni Cristo at sa kanyang ikalawang pagparito (Zac. 9:9; 11:12–13; 12:10; 13:6). Nilalaman sa mga kabanata 1–8 ang mga sunud-sunod na pangitain tungkol sa hinaharap ng mga tao ng Diyos. Nilalaman sa mga kabanata 9–14 ang mga pangitain tungkol sa Mesiyas, sa mga huling araw, ang pagtitipon ng Israel, ang pinakahuling malaking digmaan, at ang Ikalawang Pagparito.

**ZARAHEMLA.** *Tingnan din sa* Ammon; Mulek

Sa Aklat ni Mormon, ang Zarahemla ay tumutukoy sa (1) taong namuno sa pangkat ni Mulek, (2) isang lunsod na ipinangalan sa kanya, (3) ang lupain ng Zarahemla, o (4) ang mga taong sumama sa kanya.

Nagalak si Zarahemla na isinugo ng Panginoon ang mga Nephita, **Omni** 1:14. Si Zarahemla ay nagbigay ng talaangkanan ng kanyang mga ama, **Omni** 1:18. Si Ammon ay isang inapo ni Zarahemla, **Mos.** 7:3, 13. Itinatag ang Simbahan sa lunsod ng Zarahemla, **Alma** 5:2. Dahil sa mabubuti kaya naligtas ang masasama sa Zarahemla, **Hel.** 13:12. Nasunog ang lunsod ng Zarahemla noong kamatayan ni Cristo, **3 Ne.** 8:8, 24.

**ZEDEKIAS.** *Tingnan din sa* Mulek

Sa Lumang Tipan, ang huling hari ng Juda (2 Hari 24:17–20; 25:2–7). Ipinakulong ni Zedekias ang propetang si Jeremias (Jer. 31:1–5), at iprinopesiya ni Jeremias ang pagkabihag ni Zedekias (Jer. 34:2–8, 21). Sa Jerusalem naninirahan si Lehi at ang kanyang maganak noong unang taon ng paghahari ni Zedekias (1 Ne. 1:4). Lahat ng anak ni Zedekias ay napatay maliban sa isa; nakatakas patungong kanluran ang anak niyang si Mulek (Jer. 52:10; Omni 1:15; Hel. 8:21).

**ZEFANIAS**

Isang propeta sa Lumang Tipan na nabuhay noong panahon ng paghahari ni Josias (639–608 B.C.).

*Ang aklat ni Zefanias:* Nababanggit sa kabanata 1 ang tungkol sa pagdating ng isang araw na lipos ng poot at kaguluhan. Nagpapayo ang kabanata 2 sa mga tao ng Israel na hangarin ang kabutihan at kababaang-loob. Nasasaad sa kabanata 3 ang tungkol sa Ikalawang Pagparito, kapag ang lahat ng bansa ay magtitipun-tipon upang makidigma. Gayunman, ang Panginoon ay mamamahala sa gitna nila.

**ZENIF**

Sa Aklat ni Mormon, ang lalaking namuno sa pangkat na nagbalik sa lupain ng Nephi; siya ay naging hari nila at matwid silang pinamunuan (Mos. 9–10).

**ZENOK**

Isang propeta sa Israel noong panahon ng Lumang Tipan na nabanggit lamang sa Aklat ni Mormon.

Nagpropesiya tungkol sa kamatayan ni Cristo, **1 Ne.** 19:20. Nangusap tungkol

sa Anak ng Diyos, **Alma** 33:15 (Alma 34:7). Isang martir dahil sa katotohanan, **Alma** 33:17. Nagpropesiya hinggil sa pagparito ng Mesiyas, **Hel.** 8:20.

**ZENOS**

Isang propeta sa Israel noong panahon ng Lumang Tipan na ang mga propesiya tungkol sa misyon ni Cristo ay matatagpuan lamang sa Aklat ni Mormon.

Nagpropesiya tungkol sa libing ni Cristo at sa tatlong araw ng kadiliman, **1 Ne.** 19:10, 12. Ibinadya ang pagtitipon ng Israel, **1 Ne.** 19:16. Muling inulit ni Jacob ang talinghaga ni Zenos tungkol sa likas at ligaw na mga punong olibo, **Jac.** 5. Ipinaliwanag ni Jacob ang talinghaga ni Zenos, **Jac.** 6:1–10. Nagturo hinggil sa panalangin at pagsamba, **Alma** 33:3–11. Nagturo na ang pagtubos ay darating sa pamamagitan ng Anak, **Alma** 34:7. Pinatay dahil sa kanyang matapang na pagpapatotoo, **Hel.** 8:19. Nangusap tungkol sa panunumbalik ng mga Lamanita, **Hel.** 15:11. Nagpatotoo tungkol sa mga mangyayaring pagkawasak sa araw ng kamatayan ni Cristo, **3 Ne.** 10:15–16.

**ZEPHORA.** *Tingnan din sa* Moises.

Sa Lumang Tipan, ang asawa ni Moises at anak ni Jethro (Ex. 2:21; 18:2).

**ZISROM**

Sa Aklat ni Mormon, isang mananang-gol sa lunsod ng Ammonihas. Nahiwatigan nina Alma at Amulek na nagsisinungaling si Zisrom sa pamamagitan ng Espiritu. Siya ay napabalik-loob sa ebanghelyo ni Cristo (Alma 11:21–46; 15:1–12).

**ZORAM, MGA ZORAMITA**

Sa Aklat ni Mormon, si Zoram ang tagapagsilbi ni Laban na sumama kina Nephi at Lehi patungo sa lupang pangako (1 Ne. 4:31–38). Dahil sa katapatan ni Zoram, siya ay binasbasan ni Lehi na kasama ng kanyang mga sariling anak (2 Ne. 1:30–32). Ang kanyang mga inapo ay nakilalang mga Zoramita (Jac. 1:13).

**ZOROBABEL**

Sa Lumang Tipan, nang pahintulutan ni Ciro ang mga Judio na makabalik sa Palestina, si Zorobabel ang nahirang na gobernador o kinatawan ng mga maharlikang angkan ng mga Judio. Ang pangalan niya sa wikang Persia ay Sesbassar (Ezra 1:8). Kabilang siya sa muling pagpapatayo ng templo sa Jerusalem (Ezra 3:2, 8; 5:2).

# MGA PINILI MULA SA PAGSASALIN NI JOSEPH SMITH NG BIBLIA

Ang mga sumusunod ay mga piniling bahagi ng mga Pagsasalin ni Joseph Smith sa Salin ni Haring James ng Biblia (PJS). Binigyang-inspirasyon ng Panginoon ang Propetang si Joseph Smith upang ibalik sa teksto ng Biblia ang katotohanan na nawala o nabago magmula noong isulat ang mga orihinal na salita. Binibigyang-linaw ng ibinalik na katotohanang ito ang doktrina at higit na pinagbuti ang pag-unawa sa banal na kasulatan. Ang mga piniling sipi para sa Gabay ay nararapat na makatulong na higit ninyong maunawaan ang mga banal na kasulatan anuman ang wikang ginamit sa pagsasalin nito.

Dahil sa ipinahayag ng Panginoon kay Joseph Smith ang ilang katotohanan na itinala noon ng mga orihinal na may-akda, ang Pagsasalin ni Joseph Smith ay hindi tulad ng anumang pagsasalin sa Biblia sa daigdig. Sa bagay na ito, ang salitang *pagsasalin* ay ginamit sa higit na malawak at naiibang paraan kaysa karaniwan, sapagkat ang pagsasalin ni Joseph ay higit na maituturing na paghahayag kaysa literal na pagsasalin ng wika sa wika. Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa PJS, tingnan sa "Pagsasalin ni Joseph Smith (PJS)" sa alpabetikong talaan ng mga paksa sa Gabay.

Ang sumusunod na halimbawa ay nagpapakita ng isang piniling bahagi mula sa PJS:

Ang sangguniang ito na nasusulat nang mariin ay sipi mula sa pagsasalin ni Joseph Smith sa Salin ni Haring James ng Biblia. Sapagkat ibinabalik ng kanyang pagsasalin ang kaukulang ulat sa teksto ng Biblia, ang bilang ng mga talata ay maaaring naiiba sa edisyong inyong ginagamit.

**PJS, Mateo 4:1, 5–6, 8–9** (ihambing sa Mateo 4:1, 5–6, 8–9; gayon ding mga pagbabago ang ginawa sa Lucas 4:2, 5–11)

*(Si Jesus ay inakay ng Espiritu, hindi ni Satanas.)*

1. Nang magkagayon ay inakay ng Espiritu si Jesus sa ilang, upang makasama ang Diyos.

5. Nang magkagayon ay dinala si Jesus sa bayang banal, at inilapag siya ng Espiritu sa taluktok ng templo.

6. Sa gayon ang diyablo ay lumapit sa kanya at nagsabi, Kung ikaw ang anak ng Diyos, magpatihulog ka: sapagkat nasusulat, Ihahabilin ka niya sa kanyang mga anghel: at aalalayan ka ng kanilang mga kamay, at baka ka matisod sa bato.

8. At muli, si Jesus ay napasa-Espiritu, at dinala siya nito sa isang bundok na lubhang mataas, at ipinamalas sa kanya ang lahat ng kaharian sa daigdig at ang kaluwalhatian nito.

9. At ang diyablo ay muling lumapit sa kanya, at nagsabi, Lahat ng ito ay ibibigay ko sa iyo, kung ikaw ay magpapatirapa at sasamba sa akin.

Nasa mga panaklong ang mga sanggunian sa inyong Biblia na nararapat ninyong ihambing sa pagsasalin ni Joseph Smith.

Ipinaliliwanag ng paglalahad na ito kung anong doktrina ang binibigyang-linaw ni Joseph Smith sa kanyang pagsasalin.

Ito ang teksto ng pagkakasalin ni Joseph Smith.

**PJS, Genesis 9:10–15** (ihambing sa Genesis 9:3–9)

*(Ang tao ay mananagot sa pagpaslang at gayon din sa pag-aaksaya sa buhay ng mga hayop.)*

10. Ngunit, ang dugo ng lahat ng lamang ibinigay ko sa inyo upang makain, ay ibububo sa lupa, na bumawi sa buhay niyon, at ang dugo ay hindi ninyo kakainin.

11. At tunay na hindi magbububo ng dugo, tanging sa pagkain lamang, upang iligtas ang inyong mga buhay; at ang dugo ng bawat hayop ay hihingan ko ng sulit sa inyong mga kamay.

12. At sinuman ang magbubo ng dugo ng tao, sa pamamagitan ng tao ay mabububo ang kanyang dugo; sapagkat hindi magbububo ng dugo ng tao ang tao.

13. Sapagkat isang kautusan ang aking ibinibigay, na pangalagaan ng bawat tao ang buhay ng tao, sapagkat sa sarili kong larawan nilalang ko ang tao.

14. At isang kautusan ang aking ibinibigay sa inyo, Kayo ay magpalaanakin at magpakarami; magsilago kayo nang sagana sa lupa, at magsidami riyan.

15. At sinabi ng Diyos kay Noe, at sa mga anak niya na kanyang kasama, nagsasabing, At Ako, dinggin, pagtitibayin ko ang aking tipan sa inyo, na aking ginawa sa inyong amang si Enoc, hinggil sa inyong binhi na susunod sa inyo.

**PJS, Genesis 9:21–25** (ihambing sa Genesis 9:16–17)

*(Inilagay ang bahaghari sa langit bilang paalaala sa tipan ng Diyos kina Enoc at Noe. Sa mga huling araw, ang buong kapulungan ng simbahan ng Panganay [ang Sion ng Panginoon noong mga araw ni Enoc; tingnan sa Moises 7] ay sasama sa mabubuti sa lupa.)*

21. At ang bahaghari ay pasasaalapaap; at aking mamasdan ito, upang aking maalaala ang walang hanggang tipan, na aking ginawa sa inyong amang si Enoc; na, kapag sumunod ang tao sa lahat ng aking mga kautusan, ang Sion ay muling magbabalik sa lupa, ang lunsod ni Enoc na kinuha ko sa aking sarili.

22. At ito ang aking walang hanggang tipan, na kapag niyakap ng inyong angkan ang katotohanan, at tumanaw sa kaitaasan, doon durungaw ang Sion, at ang buong kalangitan ay mayayanig sa tuwa, at ang lupa ay mangingini sa galak;

23. At ang buong kapulungan ng simbahan ng panganay ay mananaog mula sa langit, at aangkinin ang lupa, at magkakaroon ng lugar hanggang sa dumating ang katapusan. At ito ang aking walang hanggang tipan, na aking ginawa sa inyong amang si Enoc.

24. At ang bahaghari ay pasasaalapaap, at aking pagtitibayin ang aking tipan sa inyo, na inilagda ko sa akin at sa inyo, sa bawat kinapal na may buhay sa lahat ng laman na nasa lupa.

25. At sinabi ng Diyos kay Noe, Ito ang tanda ng tipang pinagtibay ko sa akin at sa iyo; para sa lahat ng laman na nasa lupa.

**PJS, Genesis 14:25–40** (ihambing sa Genesis 14)

*(Binanggit ang dakilang ministeryo ni Melquisedec; ang mga kapangyarihan at pagpapala ng Pagkasaserdoteng Melquisedec ay inilarawan.)*

25. At itinaas ni Melquisedec ang kanyang tinig at binasbasan si Abram.

26. Ngayon si Melquisedec ay isang taong may pananampalataya, na gumawa ng kabutihan; at noong bata pa ay may takot sa Diyos, at nakapagpatikom ng bunganga ng mga leon, at inapula ang lagablab ng apoy.

27. At sa gayon, sapagkat ipinagkakapuri ng Diyos, siya ay inordenan na isang mataas na saserdote alinsunod sa orden ng tipang ginawa ng Diyos kay Enoc,

28. Ito na alinsunod sa orden ng Anak ng Diyos; kung aling orden ay nagmula, hindi sa tao, o sa kagustuhan ng tao; ni sa ama o ina; ni sa simula ng mga araw o wakas ng mga taon; kundi sa Diyos;

29. At ito ay ibinigay sa tao sa panawagan ng kanyang sariling tinig, alin-

sunod sa kanyang sariling kalooban, sa kasindami ng naniniwala sa kanyang pangalan.

30. Sapagkat nangako ang Diyos kay Enoc at sa kanyang binhi nang may panunumpa sa kanyang sarili; na bawat taong maordenan alinsunod sa ordeng ito at tungkulin ay magkakaroon ng kapangyarihan, sa pamamagitan ng pananampalataya, na guhuin ang mga bundok, hatiin ang mga karagatan, patuyuin ang mga tubig, na iliko ang mga ito mula sa kanilang mga pinagdadaluyan;

31. Na mapaglabanan ang mga hukbo ng mga bansa, hatiin ang lupa, pagwatak-watakin ang bawat pangkat, na makatindig sa harapan ng Diyos; na maisagawa ang lahat ng bagay alinsunod sa kanyang kalooban, alinsunod sa kanyang utos, na supilin ang mga pamunuan at kapangyarihan; at ito ay alinsunod sa kalooban ng Anak ng Diyos na naroroon na bago pa man ang pagkakatatag ng daigdig.

32. At ang mga taong may ganitong pananampalataya, na nakatanggap nitong orden ng Diyos, ay mga nagbagong-anyo at kinuha sa langit.

33. At ngayon, si Melquisedec ay isang saserdote sa ordeng ito; kaya nga natamo niya ang kapayapaan sa Salem, at tinawag na Prinsipe ng kapayapaan.

34. At ang kanyang mga tao ay gumawa ng kabutihan, at natamo ang langit, at hinanap ang lunsod ni Enoc na noon ay kinuha ng Diyos, inihiwalay ito sa lupa, na inilalaan ito para sa mga huling araw, o sa katapusan ng daigdig;

35. At nagsalita, at nangako nang may panunumpa, na ang kalangitan at ang lupa ay magsasama; at ang mga anak ng Diyos ay susubukin maging sa pamamagitan ng apoy.

36. At itong si Melquisedec, sapagkat nakapagtatag ng kabutihan, ay tinawag na hari ng langit ng kanyang mga tao, o, sa ibang salita, ang Hari ng kapayapaan.

37. At itinaas niya ang kanyang tinig, at binasbasan niya si Abram, siya na mataas na saserdote, at tagapangasiwa ng kamalig ng Diyos;

38. Siya na itinalaga ng Diyos na tumanggap sa ikapu para sa mga maralita.

39. Kaya nga, si Abram ay nagbayad sa kanya ng ikapu ng lahat ng pag-aari niya, ng lahat ng kayamanang taglay niya, na ibinigay ng Diyos sa kanya na higit pa sa kanyang pangangailangan.

40. At ito ay nangyari na, na pinagpala ng Diyos si Abram, at binigyan siya ng mga kayamanan, at karangalan, at mga lupain bilang walang hanggang pag-aari; alinsunod sa tipang kanyang ginawa, at alinsunod sa pagpapalang ibinasbas sa kanya ni Melquisedec.

**PJS, Genesis 15:9–12** (ihambing sa Genesis 15:1–6)

*(Nakita ni Abraham sa isang pangitain ang Anak ng Diyos at nalaman ang tungkol sa pagkabuhay na mag-uli.)*

9. At sinabi ni Abram, Panginoong Diyos, paano ninyo ibibigay sa akin ang lupaing ito bilang isang walang hanggang mana?

10. At sinabi ng Panginoon, Kahit ikaw ay patay na, gayunman hindi ko ba magagawang ibigay ito sa iyo?

11. At kung ikaw man ay mamatay, gayunman ay aangkinin mo ito, sapagkat darating ang panahon, na ang Anak ng Tao ay mabubuhay; subalit paano siya mabubuhay kung siya ay hindi namatay? siya ay kinakailangan munang mabuhay.

12. At ito ay nangyari na, na tumingin si Abram at nakita ang mga araw ng Anak ng Tao, at nagalak, at ang kanyang kaluluwa ay nakasumpong ng kapahingahan, at naniwala siya sa Panginoon; at ibinilang ito ng Panginoon sa kanya sa kabutihan.

**PJS, Genesis 17:3–7, 11–12** (ihambing sa Genesis 17:3–12)

*(Pinagtibay ng Diyos ang isang tipan ng pagtutuli kay Abraham. Ang ordenansa ng pagbibinyag at ang gulang ng mga bata kung kailan magkakaroon ng pananagutan ay ipinahayag kay Abraham.)*

3. At ito ay nangyari na, na nagpatira-

pa si Abram, at nanawagan sa pangalan ng Panginoon.

4. At ang Diyos ay nakipag-usap sa kanya, nagsasabing, Ang aking mga tao ay nangaligaw mula sa aking mga aral, at hindi sumusunod sa aking mga ordenansa, na ibinigay ko sa kanilang mga ama;

5. At hindi nila tinupad ang aking pagpapahid ng langis, at ang paglilibing, o pagbibinyag na aking ipinag-utos sa kanila;

6. Sa halip ay tinalikdan ang kautusan, at isinagawa sa kanilang sarili ang paghuhugas ng mga bata, at ang dugo ng pagwiwisik;

7. At sinabi na ang dugo ng mabait na si Abel ay nabuhos para sa mga kasalanan; at hindi nalalaman kung saan sila mananagot sa aking harapan.

11. At pagtitibayin ko ang isang tipan ng pagtutuli sa iyo, at ito ang magiging tipan ko sa akin at sa iyo, at sa iyong binhi na susunod sa iyo, sa kanilang mga salinlahi; upang iyong malaman magpakailanman na ang mga bata ay walang pananagutan sa aking harapan hanggang sa sila ay magwalong taong gulang.

12. At iyong gagawing sundin ang lahat ng aking mga tipan na aking ipinakipagtipan sa iyong mga ama; at iyong susundin ang mga kautusang ibinigay ko sa iyo sa pamamagitan ng aking sariling bibig, at ako ay magiging Diyos sa iyo at sa iyong binhi na susunod sa iyo.

**PJS, Genesis 17:23** (ihambing sa Genesis 17:17)

*(Nagsaya si Abraham nang ihayag ang pagsilang ni Isaac.)*

23. Nang magkagayon ay nagpatirapa si Abraham, at nagsaya, at nagsabi sa kanyang puso, Isang bata ang isisilang sa kanya na isandaang taong gulang na, at magsisilang si Sara na siyamnapung taon na.

**PJS, Genesis 19:9–15** (ihambing sa Genesis 19:5–10)

*(Pinaglabanan ni Lot ang kasamaan ng Sodoma.)*

9. At kanilang sinabi sa kanya, Umurong ka. At sila ay nagalit sa kanya.

10. At sinabi nila sa kanilang sarili, Ang taong ito ay naparito upang makipamayan sa atin, at ngayon ay nais niyang gawing hukom ang kanyang sarili; ngayon nga ay gagawan natin siya ng lalong masama kaysa sa kanila.

11. Sa gayon kanilang sinabi sa lalaki, Kukunin namin ang mga lalaki, at ang iyo ring mga anak na babae; at gagawin namin sa kanila ang inaakala naming makabubuti.

12. Ngayon ito ay naaalinsunod sa kasamaan ng Sodoma.

13. At sinabi ni Lot, Masdan ngayon, may dalawa akong anak na babae na hindi nakakilala ng lalaki; ipinamamanhik ko sa inyo, aking mga kapatid na hindi ko sila ilabas sa inyo; at hindi ninyo gagawin sa kanila ang inaakalang makabubuti sa inyong mga paningin;

14. Sapagkat hindi bibigyang-katwiran ng Diyos ang kanyang tagapaglingkod sa bagay na ito; kaya nga, nakikiusap ako aking mga kapatid, sa pagkakataong ito lamang, na sa mga lalaking ito ay wala kayong gawing anuman, nang sila ay mapanatag sa aking tahanan; sapagkat sa gayon sila nagtungo sa lilim ng aking bubong.

15. At sila ay nagalit kay Lot at nagsilapit upang sirain ang pinto, subalit ang mga anghel ng Diyos, na mga taong banal, ay iniunat ang kanilang kamay at hinatak si Lot sa kanila sa loob ng bahay, at ipininid ang pinto.

**PJS, Genesis 48:5–11** (ihambing sa Genesis 48:5–6)

*(Ang mga binhi ni Jose ang mamumuno sa pagtitipon ng Israel sa mga huling araw.)*

5. At ngayon, sa iyong dalawang anak na lalaki, sina Ephraim at Manases, na isinilang sa iyo sa lupain ng Egipto, bago ako naparito sa iyo sa Egipto; masdan, sila ay akin, at pagpapalain sila ng Diyos ng aking mga ama; maging gaya nina Ruben at Simeon sila ay pagpapalain, sapagkat sila ay akin; kaya nga sila ay tatawagin alinsunod

sa aking pangalan. (Kaya nga sila ay tinawag na Israel.)

6. At ang iyong mga anak, na isinilang sa iyo kasunod nila, ay magiging iyo, at tatawagin alinsunod sa pangalan ng kanilang mga kapatid sa kanilang mana, sa mga lipi; kaya nga sila ay tinawag na mga lipi nina Manases at Ephraim.

7. At sinabi ni Jacob kay Jose, Nang magpakita sa akin ang Diyos ng aking mga ama sa Luz, sa lupain ng Canaan; siya ay nangako sa akin, na ibibigay niya sa akin, at sa aking mga binhi, ang lupain bilang isang walang hanggang pag-aari.

8. Kaya nga, O anak ko, pinagpala niya ako sa pag-aaruga sa iyo upang maging tagapaglingkod ko, sa pagliligtas sa aking sambahayan mula sa kamatayan;

9. Sa pagliligtas sa aking mga tao, na iyong mga kapatid, mula sa taggutom na naging masidhi sa lupain; kaya nga ikaw ay pagpapalain ng Diyos ng iyong mga ama, at ng bunga ng iyong balakang, na sila ay pagpapalain nang higit sa iyong mga kapatid, at nang higit sa sambahayan ng iyong ama;

10. Sapagkat ikaw ay nanaig, at ang sambahayan ng iyong ama ay yumukod sa iyo, maging tulad ng ipinakita sa iyo, bago ka pa man ipinagbili sa Egipto ng mga kamay ng iyong mga kapatid; kaya nga ang iyong mga kapatid ay yuyukod sa iyo, sa bawat sali't salinlahi, sa bunga ng iyong balakang magpakailanman;

11. Sapagkat ikaw ay magiging ilaw sa aking mga tao, na magpapalaya sa kanila sa mga araw ng kanilang pagkabihag, mula sa pagkaalipin; at magdadala ng kaligtasan sa kanila, kapag sila ay nayukod na lahat sa kasalanan.

**PJS, Genesis 50:24–38** (ihambing sa Genesis 50:24–26, tingnan din sa 2 Nephi 3)

*(Sina Moises, Aaron, at Joseph Smith ay binanggit lahat sa propesiyang ito ni Jose sa Egipto. Gayon din, iprinopesiya ni Jose na ang Aklat ni Mormon ay magiging katuwang ng talaan ni Juda.)*

24. At sinabi ni Jose sa kanyang mga kapatid, ako ay mamamatay na, at paroroon sa aking mga ama; at ako ay magtutungo sa aking libingan nang nagagalak. Ang Diyos ng aking amang si Jacob ay makakasama ninyo, upang iligtas kayo mula sa paghihirap sa mga araw ng inyong pagkaalipin; sapagkat dinalaw ako ng Panginoon, at ako ay nakatamo ng isang pangako sa Panginoon, na mula sa bunga ng aking balakang, ang Panginoong Diyos ay magbabangon ng isang mabuting sanga mula sa aking balakang; at sa iyo, na tinawag na Israel ng aking amang si Jacob, ng isang propeta; (hindi ang Mesiyas na tinatawag na Silo;) at palalayain ng propetang ito ang aking mga tao sa Egipto sa mga araw ng iyong pagkaalipin.

25. At mangyayari na muli silang makakalat; at isang sanga ang mababali, at dadalhin sa isang malayong bayan; gayon pa man sila ay maaalaala sa mga tipan ng Panginoon, sa pagparito ng Mesiyas; sapagkat siya ay makikilala nila sa mga huling araw, sa Diwa ng kapangyarihan; at ilalabas sila mula sa dilim tungo sa liwanag; ilalabas sa natatagong kadiliman, at mula sa pagkabihag tungo sa kalayaan.

26. Isang tagakita ang ibabangon ng Panginoon kong Diyos, na magiging piling tagakita sa bunga ng aking balakang.

27. Ganito ang wika ng Panginoong Diyos ng aking mga ama sa akin, Isang piling tagakita ang ibabangon ko mula sa bunga ng iyong balakang, at siya ay bibigyan ng malaking pagpapahalaga sa bunga ng iyong balakang; at sa kanya ay ibibigay ko ang kautusan na siya ay may gawaing gagampanan para sa bunga ng iyong balakang, na kanyang mga kapatid.

28. At kanya silang dadalhin sa kaalaman ng mga tipang aking ginawa sa iyong mga ama; at gagawin niya ang anumang gawaing iuutos ko sa kanya.

29. At gagawin ko siyang dakila sa aking mga paningin, sapagkat gagawin niya ang aking gawain; at siya ay magiging dakilang tulad niya na sinabi kong ibabangon ko sa inyo, upang palayain

ang aking mga tao, O sambahayan ni Israel, mula sa lupain ng Egipto; sapagkat isang tagakita ang ibabangon ko upang palayain ang aking mga tao mula sa lupain ng Egipto; at siya ay tatawaging Moises. At sa pamamagitan ng pangalang ito ay malalaman niya na siya ay kabilang sa iyong sambahayan; sapagkat siya ay aalagaan ng anak na babae ng hari, at tatawaging anak niya.

30. At muli, isang tagakita ang ibabangon ko mula sa bunga ng iyong balakang, at sa kanya ay ipagkakaloob ko ang kapangyarihang dalhin ang aking salita sa mga binhi ng iyong balakang; at hindi lamang sa pagdadala ng salita ko, wika ng Panginoon, kundi upang mapapaniwala sila sa aking salita, na mapapasakanila sa mga huling araw;

31. Kaya nga, ang bunga ng iyong balakang ay susulat, at ang bunga ng balakang ni Juda ay susulat; at yaong mga isusulat ng bunga ng iyong balakang, at gayon din yaong isusulat ng bunga ng balakang ni Juda, ay magsasama tungo sa ikalilito ng mga maling doktrina, at mag-aalis ng mga pagtatalo, at magtatatag ng kapayapaan sa bunga ng iyong balakang, at magdadala sa kanila sa kaalaman tungkol sa kanilang mga ama sa mga huling araw; at gayon din sa kaalaman ng aking mga tipan, wika ng Panginoon.

32. At mula sa kahinaan siya ay gagawing malakas, sa araw na yaon kung kailan ang aking gawain ay hahayo sa lahat ng aking mga tao, na magpapanumbalik sa kanila, na mga kabilang sa sambahayan ni Israel, sa mga huling araw.

33. At ang tagakitang yaon ay pagpapalain ko, at sila na maghahangad na pinsalain siya ay malilito; sapagkat ito ang pangakong ibinibigay ko sa iyo; sapagkat kayo ay aalalahanin ko sa bawat sali't salinlahi; at ang kanyang pangalan ay tatawaging Jose, at ito ay isusunod sa pangalan ng kanyang ama; at siya ay magiging katulad mo; sapagkat ang bagay na ipalalabas ng Panginoon sa pamamagitan ng kamay niya ay magdadala sa aking mga tao sa kaligtasan.

34. At nangako ang Panginoon kay Jose na kanyang pangangalagaan ang mga binhi niya magpakailanman, nagsasabing, Ibabangon ko si Moises, at isang tungkod ang mapapasakamay niya, at sama-samang titipunin niya ang aking mga tao, at kanyang aakayin silang tulad sa isang kawan, at babagabagin niya ang mga tubig ng Dagat na Pula sa pamamagitan ng kanyang tungkod.

35. At siya ay magpapataw ng kahatulan, at isusulat ang salita ng Panginoon. At hindi siya makapangungusap sa maraming pananalita, sapagkat isusulat ko sa kanya ang aking batas sa pamamagitan ng daliri ng sarili kong kamay. At maglalaan ako ng tagapagsalita para sa kanya, at ang pangalan niya ay tatawaging Aaron.

36. At ito rin ay mangyayari sa iyo sa mga huling araw, maging gaya ng ipinangako ko. Kaya nga, sinabi ni Jose sa kanyang mga kapatid, Tiyak na kayo ay dadalawin ng Diyos, at ilalabas kayo sa lupaing ito, patungo sa lupaing ipinangako niya kay Abraham, at kay Isaac, at kay Jacob.

37. At pinatunayan ni Jose ang maraming bagay sa kanyang mga kapatid, at pinanumpa ang mga anak ni Israel, sinasabi sa kanila, tiyak na dadalawin kayo ng Diyos, at inyong dadalhin ang aking mga buto mula roon.

38. Sa gayon ay namatay si Jose nang siya ay isandaan at sampung taong gulang; at kanilang inembalsamo siya, at kanilang inilagay siya sa isang kabaong sa Egipto; at hindi siya inilibing ng mga anak ni Israel, nang siya ay madala, at mailagay sa libingan na kasama ng kanyang ama. At sa gayon nila naalaala ang kanilang isinumpa sa kanya.

**PJS, Exodo 4:21** (ihambing sa Exodo 4:21; 7:3, 13; 9:12; 10:1, 20, 27; 11:10; 14:4, 8, 17; Deuteronomio 2:30)

*(Walang kinalaman ang Panginoon sa katigasan ng puso ni Faraon. Tingnan din sa PJS, Exodo 7:3, 13; 9:12; 10:1, 20, 27; 11:10; 14:4, 8, 17; bawat sanggunian, kapag naisalin nang wasto, ay nagpapakitang*

*tinigasan ni Faraon ang kanyang sariling puso.)*

21. At sinabi ng Panginoon kay Moises, Sa iyong pagbabalik sa Egipto, iyong gawin nga sa harapan ni Faraon ang lahat ng yaong kagila-gilalas na bagay, na aking ipinagkatiwala sa iyong kamay, at papagtagumpayin kita; datapwat patitigasin ni Faraon ang kanyang puso, at hindi niya tutulutang lumisan ang mga tao.

**PJS, Exodo 18:1** (ihambing sa Exodo 18:1)

*(Si Jethro ay isang mataas na saserdote.)*

1. Nang si Jethro, ang mataas na saserdote sa Madian, na biyanan ni Moises, ay nakabalita ng lahat ng ginawa ng Diyos para kay Moises, at para sa Israel, na kanyang mga tao, at na inilabas ng Panginoon ang Israel mula sa Egipto;

**PJS, Exodo 22:18** (ihambing sa Exodo 22:18)

*(Ang mga mamamatay-tao ay hindi mabubuhay.)*

18. Huwag mong pahintulutang mabuhay ang isang mamamatay-tao.

**PJS, Exodo 33:20, 23** (ihambing sa Exodo 33:20, 23)

*(Walang makasalanang tao ang makakikita sa mukha ng Diyos at mabubuhay.)*

20. At sinabi niya kay Moises, hindi mo makikita ang aking mukha sa pagkakataong ito, at baka ang aking galit ay magsiklab din laban sa iyo, at patayin kita, at ang iyong mga tao; sapagkat walang sinuman sa kanila ang makakikita sa akin sa pagkakataong ito, at mabubuhay, sapagkat sila ay labis na makasalanan. At walang makasalanang tao sa anumang pagkakataon, ni magkaroon ng sinumang makasalanang tao sa anumang pagkakataon, ang makakikita sa aking mukha at mabubuhay.

23. At aalisin ko ang aking kamay, at iyong makikita ang aking likod, datapwat hindi makikita ang aking mukha, gaya nang sa ibang pagkakataon; sapagkat ako ay nagagalit sa aking mga taong Israel.

**PJS, Exodo 34:1–2, 14** (ihambing sa Exodo 34:1–2, 14; D at T 84:21–26)

*(Naglalaman ang ikalawang huwego ng mga tapyas na bato na ibinigay kay Moises ng nakabababang batas kaysa sa nauna.)*

1. At sinabi ng Panginoon kay Moises, Humugis ka ng dalawa pang tapyas na bato, na gaya ng una, at isusulat ko rin sa mga ito, ang mga salita ng batas, alinsunod sa mga nasusulat sa mga iyon noong una sa mga tapyas na iyong binasag; subalit hindi ito tulad noong una, sapagkat aalisin ko ang pagkasaserdote sa gitna nila; kaya nga ang aking banal na orden, at ang mga ordenansa niyon, ay hindi pasasakanila; sapagkat ako ay hindi pasasagitna nila, at baka ko sila lipulin.

2. Datapwat ibibigay ko sa kanila ang batas tulad noong nauna, subalit ito ay alinsunod sa batas na isang kautusan ukol sa laman; sapagkat ako ay sumumpa sa aking poot na hindi sila makapapasok sa aking kinaroroonan, sa aking kapahingahan, sa mga araw ng kanilang pakikipamayan. Kaya nga gawin ang gaya nang ipinag-utos ko sa iyo, at maging handa kinabukasan, at umakyat kinaumagahan sa bundok ng Sinai, at iharap doon sa akin ang iyong sarili, sa tuktok ng bundok.

*(Jehova ang isa sa mga pangalang pinagkakakilanlan ng mga tao sa Lumang Tipan sa Panginoong Jesucristo.)*

14. Sapagkat hindi ka sasamba sa ibang diyos; sapagkat ang Panginoon, na ang pangalan ay Jehova, ay isang mapanibughuing Diyos.

**PJS, Deuteronomio 10:2** (ihambing sa Deuteronomio 10:2)

*(Ipinahayag ng Diyos sa naunang huwego ng mga tapyas na bato ang walang hanggang tipan ng banal na pagkasaserdote.)*

2. At aking isusulat sa mga tapyas ang mga salita na nasa mga unang tapyas na iyong binasag, maliban sa mga salita ng walang hanggang tipan ng banal na pagkasaserdote, at iyong isisilid ang mga iyan sa kaban.

**PJS, 1 Samuel 16:14–16, 23** (ihambing sa 1 Samuel 16:14–16, 23; gayon ding mga pagbabago ang ginawa sa 1 Samuel 18:10 at 19:9)

*(Ang masamang espiritu na napasa kay Saul ay hindi mula sa Panginoon.)*

14. Datapwat humiwalay ang Espiritu ng Panginoon kay Saul, at isang masamang espiritu na hindi mula sa Panginoon ang bumagabag sa kanya.

15. At sinabi ng mga tagapagsilbi ni Saul sa kanya, Masdan ngayon, isang masamang espiritu na hindi mula sa Diyos ay bumabagabag sa iyo.

16. Iutos ngayon ng aming panginoon sa kanyang mga tagapagsilbi na nasa harapan ninyo na humanap ng isang lalaki na bihasang manunugtog ng alpa; at mangyayari, na pagka ang masamang espiritu, na hindi mula sa Diyos, ay nasa inyo, na siya ay tutugtog, at kayo ay bubuti.

23. At ito ay nangyari na, na pagka ang masamang espiritu na hindi mula sa Diyos ay sumasa kay Saul, ay kinukuha ni David ang alpa, at tinutugtog ng kanyang kamay; gayon nagiginhawahan si Saul, at bumubuti, at ang masamang espiritu ay nahihiwalay sa kanya.

**PJS, 2 Samuel 12:13** (ihambing sa 2 Samuel 12:13)

*(Hindi inalis ng Diyos ang mabigat na kasalanan ni David.)*

13. At sinabi ni David kay Nathan, Ako ay nagkasala laban sa Panginoon. At sinabi ni Nathan kay David, Hindi rin inalis ng Panginoon ang iyong kasalanan na hindi ka mamamatay.

**PJS, 2 Mga Cronica 18:22** (ihambing sa 2 Mga Cronica 18:22)

*(Hindi naglalagay ng mandarayang espiritu ang Panginoon sa mga bibig ng mga propeta.)*

22. Ngayon nga, masdan, natagpuan ng Panginoon ang isang mandarayang espiritu sa bibig ng iyong mga propetang ito, at ang Panginoon ay nangusap ng masama tungkol sa iyo.

**PJS, Mga Awit 14:1–7** (ihambing sa Mga Awit 14:1–7)

*(Ang Mang-aawit ay nagsaya sa araw ng panunumbalik.)*

1. Ang hangal ay nagsabi sa kanyang puso, Walang sinumang tao ang nakakita sa Diyos. Sapagkat hindi niya ipinakikita ang kanyang sarili sa amin, kaya nga walang Diyos. Masdan, sila ay masasama; sila ay nagsigawa ng mga karumal-dumal na gawa, at walang sinuman sa kanila ang gumagawa ng mabuti.

2. Sapagkat tinunghayan ng Panginoon ang mga anak ng tao mula sa langit, at sa kanyang tinig ay nagsabi sa kanyang tagapaglingkod, Magsihanap kayo sa mga anak ng tao, upang tingnan kung may sinumang nakakikilala sa Diyos. At ibinuka niya ang kanyang bibig sa Panginoon, at nagsabi, Masdan, lahat sila ay nagsasabing sila ay inyo.

3. Ang Panginoon ay tumugon at nagsabi, Silang lahat ay nagsihiwalay, sila ay magkakasama na naging kahalay-halay, wala kang makikita sa kanila na nagsisigawa ng mabuti, wala, kahit isa.

4. Lahat ng gurong mayroon sila ay mga manggagawa ng kasamaan, at sila ay walang kaalaman. Sila yaong nagsisikain sa aking mga tao. Nagsisikain sila ng tinapay at hindi nagsisitawag sa Panginoon.

5. Sila ay nasa malaking pagkatakot, sapagkat ang Diyos ay nananahan sa salinlahi ng mga matwid. Siya ang payo ng mga maralita, sapagkat ikinahihiya nila ang masasama, at nagsisitungo sa Panginoon, para sa kanilang kanlungan.

6. Ikinahihiya nila ang payo ng mga maralita sapagkat ang Panginoon ang kanilang kanlungan.

7. O kung ang Sion ay naitatag sa langit, ang kaligtasan ng Israel. O Panginoon, kailan ninyo itatatag ang Sion? Kung kailan ibabalik ng Panginoon ang mga nangabihag sa kanyang mga tao, magsasaya nga si Jacob, magagalak ang Israel.

**PJS, Mga Awit 24:7–10** (ihambing sa Mga Awit 24)

*(Ipinagbubunyi ng awiting ito ang ikalawang pagparito ni Cristo.)*

7. Itaas ninyo ang inyong mga ulo, O kayong mga salinlahi ni Jacob; at kayo ay mangataas; at ang Panginoong malakas at makapangyarihan; ang Panginoong makapangyarihan sa pakikibaka, na siyang hari ng kaluwalhatian, ay patitibayin kayo magpakailanman.
8. At ibabalumbon niya ang kalangitan; at bababa upang tubusin ang kanyang mga tao; upang bigyan kayo ng walang hanggang pangalan; upang itatag kayo sa kanyang walang hanggang bato.
9. Itaas ninyo ang inyong mga ulo, O kayong mga salinlahi ni Jacob; itaas ninyo ang inyong mga ulo, kayong mga walang hanggang salinlahi, at ang Panginoon ng mga hukbo, ang hari ng mga hari;
10. Maging ang hari ng kaluwalhatian ay paroroon sa inyo; at tutubusin ang kanyang mga tao, at pagtitibayin sila sa katwiran. Selah.

**PJS, Mga Awit 109:4** (ihambing sa Mga Awit 109:4)

*(Dapat nating ipagdasal ang ating mga kaaway.)*

4. At, sa kabila ng aking pag-ibig, ay mga kaaway ko sila; gayunman ako ay magpapatuloy sa pagpanalangin para sa kanila.

**PJS, Isaias 42:19–23** (ihambing sa Isaias 42:19–22)

*(Isusugo ng Panginoon ang kanyang tagapaglingkod sa mga yaong bulag.)*

19. Sapagkat isusugo ko sa inyo na mga bulag ang aking tagapaglingkod; oo, isang sugo na magmumulat ng mga mata ng mga bulag, at magbubukas ng mga tainga ng mga bingi;
20. At sila ay gagawing ganap sa kabila ng kanilang pagiging bulag, kung sila ay makikinig sa sugo, sa tagapaglingkod ng Panginoon.
21. Kayo ay mga tao na nakakikita ng maraming bagay, subalit wala kayong napupuna; binubuksan ang mga tainga upang makarinig, subalit hindi kayo nakaririnig.
22. Ang Panginoon ay hindi nalulugod sa mga gayong tao, subalit alang-alang sa kanyang katwiran ay dadakilain niya ang batas at gagawin itong marangal.
23. Kayo ay mga taong nanakaw at nasamsam; ang inyong mga kaaway, silang lahat, ay sinilo kayo sa mga hukay, at ikinubli nila kayo sa mga bilangguan; kinuha kayong pinaka-huli, at walang makapagligtas; pinaka-samsam, at walang nagsasabi, Papanumbalikin.

**PJS, Jeremias 26:13** (ihambing sa Jeremias 26:13)

*(Ang Panginoon ay hindi nagsisisi; tao ang nagsisisi.)*

13. Kaya ngayon ay pabutihin ninyo ang inyong mga lakad at ang inyong mga gawa, at sundin ang tinig ng Panginoon ninyong Diyos, at magsipagsisi, at aalisin ng Panginoon ang kasamaan na kanyang ipinahayag laban sa inyo.

**PJS, Amos 7:3** (ihambing sa Amos 7:3)

*(Ang Panginoon ay hindi nagsisisi; tao ang nagsisisi.)*

3. At sinabi ng Panginoon, hinggil kay Jacob, si Jacob ay magsisisi tungkol dito, kaya nga hindi ko siya lubusang lilipulin, wika ng Panginoon.

**PJS, Mateo 3:24–26** (ihambing sa Mateo 2:23)

*(Inilarawan ang kabataan at pagkabata ni Jesus.)*

24. At ito ay nangyari na, na si Jesus ay lumaki kasama ng kanyang mga kapatid, at lumakas, at hinintay ang Panginoon sa pagdating ng panahon ng kanyang ministeryo.
25. At siya ay naglingkod sa pangangasiwa ng kanyang ama, at hindi siya nangungusap nang tulad ng ibang tao, ni ang kailangan siyang turuan; sapagkat hindi siya kinakailangang turuan pa ng sinumang tao.

26. At makalipas ang maraming taon, ang panahon ng kanyang ministeryo ay nalapit na.

**PJS, Mateo 3:43–46** (ihambing sa Mateo 3:13–17)

*(Bininyagan ni Juan si Jesus sa pamamagitan ng paglubog sa tubig.)*

43. At sa pagtugon, sinabi ni Jesus sa kanya, Payagan mong ako ay binyagan mo, sapagkat sa gayon natin nararapat tupdin ang buong katwiran. Nang magkagayon ay kanyang pinayagan siya.
44. At lumusong si Juan sa tubig at bininyagan siya.
45. At nang mabinyagan si Jesus, pagdaka ay umahon sa tubig; at nakita ni Juan, at narito, nabuksan sa kanya ang kalangitan, at nakita niya ang Espiritu ng Diyos na bumababang tulad ng isang kalapati at tumahan kay Jesus.
46. At narito, narinig niya ang isang tinig na nagmumula sa langit, na nagsasabi, Ito ang sinisinta kong anak, na siya kong lubos na kinalulugdan. Pakinggan mo siya.

**PJS, Mateo 4:1, 5–6, 8–9** (ihambing sa Mateo 4:1, 5–6, 8–9; gayon ding mga pagbabago ang ginawa sa Lucas 4:2, 5–11)

*(Si Jesus ay inakay ng Espiritu, hindi ni Satanas.)*

1. Nang magkagayon ay inakay ng Espiritu si Jesus sa ilang, upang makasama ang Diyos.
5. Nang magkagayon ay dinala si Jesus sa bayang banal, at inilapag siya ng Espiritu sa taluktok ng templo.
6. Sa gayon ang diyablo ay lumapit sa kanya at nagsabi, Kung ikaw ang anak ng Diyos, magpatihulog ka: sapagkat nasusulat, Ihahabilin ka niya sa kanyang mga anghel: at aalalayan ka ng kanilang mga kamay, at baka ka matisod sa bato.
8. At muli, si Jesus ay napasa-Espiritu, at dinala siya nito sa isang bundok na lubhang mataas, at ipinamalas sa kanya ang lahat ng kaharian sa daigdig at ang kaluwalhatian nito.
9. At ang diyablo ay muling lumapit sa kanya, at nagsabi, Lahat ng ito ay ibibigay ko sa iyo, kung ikaw ay magpapatirapa at sasamba sa akin.

**PJS, Mateo 4:11** (ihambing sa Mateo 4:11)

*(Nagsugo si Jesus ng mga anghel na maglilingkod kay Juan Bautista.)*

11. At ngayon napag-alaman ni Jesus na si Juan ay itinapon sa bilangguan, at nagsugo siya ng mga anghel, at, masdan, sila ay nagsidating at naglingkod sa kanya.

**PJS, Mateo 4:18** (ihambing sa Mateo 4:19)

*(Nangusap ang mga propeta sa Lumang Tipan ng tungkol kay Jesus.)*

18. At sinabi niya sa kanila, Ako nga ang siyang isinulat ng mga propeta; magsisunod kayo sa akin, at gagawin ko kayong mga mangingisda ng tao.

**PJS, Mateo 4:22** (ihambing sa Mateo 4:23)

*(Pinagaling ni Jesus ang mga tao na mga yaong naniniwala sa kanyang pangalan.)*

22. At nilibot ni Jesus ang buong Galilea na nagtuturo sa kanilang mga sinagoga, at ipinangangaral ang ebanghelyo ng kaharian; at pinagagaling ang lahat ng uri ng sakit, at ang lahat ng uri ng karamdaman ng mga taong naniniwala sa kanyang pangalan.

**PJS, Mateo 6:14** (ihambing sa Mateo 6:13; gayon ding mga pagbabago ang ginawa sa Lucas 11:4)

*(Hindi tayo aakayin ng Panginoon sa mga tukso.)*

14. At huwag mo kaming hayaang maakay ng tukso, sa halip iligtas kami sa masama.

**PJS, Mateo 6:22** (ihambing sa Mateo 6:22)

*(Kung tapat ang ating mga mata sa kaluwalhatian ng Diyos, ang ating buong katawan ay mapupuspos ng liwanag.)*

22. Ang ilawan ng katawan ay mata;

kung tapat nga ang iyong mata sa kaluwalhatian ng Diyos, ang buong katawan mo ay mapupuspos ng liwanag.

**PJS, Mateo 6:38** (ihambing sa Mateo 6:33)

*(Atin munang unang hangaring itatag ang kaharian ng Diyos.)*

38. Kaya nga, huwag hanapin ang mga bagay ng daigdig na ito sa halip inyo munang hangaring itatag ang kaharian ng Diyos, at pagtibayin ang kanyang katwiran, at ang lahat ng bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo.

**PJS, Mateo 7:1–2** (ihambing sa Mateo 7:1–2)

*(Huwag hahatol nang di makatarungan.)*

1. Ngayon ito ang mga salitang itinuro ni Jesus sa kanyang mga disipulo na nararapat nilang sabihin sa mga tao.
2. Huwag hahatol nang di makatarungan, upang huwag kayong hatulan; datapwat humatol nang makatarungan.

**PJS, Mateo 7:9–11** (ihambing sa Mateo 7:6)

*(Huwag ibahagi ang mga misteryo ng kaharian sa sanlibutan.)*

9. Magsihayo sa sanlibutan, na sinasabi sa lahat, Magsipagsisi, sapagkat ang kaharian ng langit ay lumalapit sa inyo.
10. At ang mga misteryo ng kaharian ay inyong ingatan sa inyong sarili; sapagkat hindi nararapat na ibigay sa mga aso ang yaong banal; ni ihagis man ang inyong mga perlas sa mga baboy, at baka yurakan nila ang mga ito sa ilalim ng kanilang mga paa.
11. Sapagkat hindi magagawang tanggapin ng sanlibutan ang yaong kayo mismo, ay hindi pa makakaya; kaya nga huwag ninyong ibigay ang inyong mga perlas sa kanila, at baka magsibalik sila at kayo ay lapain.

**PJS, Mateo 9:18–21** (Ang tekstong ito ay ibinalik ng Propetang si Joseph Smith; isiningit sa pagitan ng Mateo 9:15 at Mateo 9:16)

*(Tinanggihan ni Jesus ang binyag ng mga Fariseo; ibinigay niya ang batas ni Moises.)*

18. Nang magkagayon ay sinabi ng mga Fariseo sa kanya, Bakit hindi mo kami tinatanggap sa aming pagbibinyag, nakikitang sinusunod namin ang buong batas?
19. Subalit sinabi ni Jesus sa kanila, Hindi ninyo sinusunod ang batas. Kung inyong sinunod ang batas, sana ay tinanggap ninyo ako, sapagkat ako ang siyang nagbigay ng batas.
20. Hindi ko kayo tinatanggap sa inyong pagbibinyag, sapagkat kayo ay walang pakikinabangan dito.
21. Sapagkat sa pagdating nang yaong bago, ang luma ay handa nang isantabi.

**PJS, Mateo 16:25–26** (ihambing sa Mateo 16:24)

*(Ang ibig sabihin ng pariralang "pasanin ang krus ni Jesus" ay tumanggi sa kasamaan.)*

25. Nang magkagayon ay sinabi ni Jesus sa kanyang mga disipulo, Kung ang sinumang tao ay ibig sumunod sa akin, tanggihan niya ang sarili, at pasanin ang kanyang krus at sumunod sa akin.
26. At ngayon, ang pasanin ng isang tao ang kanyang krus, ay itanggi sa sarili ang lahat ng masama, at bawat makamundong pagnanasa, at sumunod sa aking mga kautusan.

**PJS, Mateo 17:10–14** (ihambing sa Mateo 17:11–13)

*(Dalawang Elias ang darating—isang maghahanda at isang magpapanumbalik.)*

10. At si Jesus ay tumugon at sinabi sa kanila, Tunay na si Elias ay una munang paparito, at ibabalik ang lahat ng bagay, gaya nang isinulat ng mga propeta.
11. At muli sinasabi ko sa inyo na naparito na si Elias, siya na isinulat, Masdan, ipadadala ko ang aking sugo, at ihahanda niya ang daan sa harapan ko; at hindi nila siya nakilala, at kanilang ginawa sa kanya, anuman ang kanilang inibig.
12. Gayon din ang daranasin ng Anak ng Tao sa kanila.
13. Subalit sinasabi ko sa inyo, Sino si

Elias? Masdan, ito si Elias, na aking isinugo upang ihanda ang daan sa harapan ko.

14. Nang magkagayon ay naunawaan ng mga disipulo na si Juan Bautista ang sa kanila ay kanyang sinasabi, at ng isa pa na darating at ibabalik ang lahat ng bagay, gaya ng isinulat ng mga propeta.

**PJS, Mateo 18:11** (ihambing sa Mateo 18:11; tingnan din sa Moroni 8)

*(Ang maliliit na bata ay hindi nangangailangan ng pagsisisi.)*

11. Sapagkat ang Anak ng Tao ay pumarito upang iligtas sila na nawala, at manawagan sa mga makasalanan na magsipagsisi; datapwat ang maliliit na batang ito ay hindi nangangailangan ng pagsisisi, at ililigtas ko sila.

**PJS, Mateo 19:13** (ihambing sa Mateo 19:13)

*(Ang maliliit na bata ay maliligtas.)*

13. Nang sa gayon may naglapit sa kanya ng maliliit na bata, upang maipatong niya ang kanyang mga kamay sa kanila at manalangin. At sila ay sinaway ng mga disipulo, nagsasabing, Hindi na kailangan pa, sapagkat sinabi ni Jesus, Sila ay maliligtas.

**PJS, Mateo 21:33** (ihambing sa Mateo 21:32–33)

*(Kailangang magsisi ang tao bago siya maaaring maniwala kay Cristo.)*

33. Sapagkat siya na hindi naniwala kay Juan nang hinggil sa akin, ay hindi magagawang maniwala sa akin, maliban kung siya muna ay magsisisi.

**PJS, Mateo 21:47–56** (ihambing sa Mateo 21:45–46)

*(Ipinahayag ni Jesus na siya ang batong panulok. Ang ebanghelyo ay inihandog sa mga Judio at pagkatapos ay sa mga Gentil. Malilipol ang masasama sa pagbabalik ni Jesus.)*

47. At nang marinig ng mga punong saserdote at Fariseo ang kanyang mga talinghaga, ay kanilang napaghalata na sila ang kanyang sinasabi.

48. At sinabi nila sa isa't isa, Sa palagay ba ng taong ito na siya lamang ang tanging makasisira sa dakilang kahariang ito? At sila ay nagalit sa kanya.

49. At nang sila ay nagsisihanap ng paraan upang siya ay dakpin, ay nangatakot sila sa karamihan, sapagkat napag-alaman nila na ipinalalagay ng marami na siya ay propeta.

50. At ngayon nagsilapit sa kanya ang kanyang mga disipulo, at sinabi ni Jesus sa kanila, Nagtataka ba kayo sa mga salita ng talinghaga na winika ko sa kanila?

51. Katotohanan, sinasabi ko sa inyo, Ako ang bato, at sila na masasama ay itinanggi ako.

52. Ako ang pangulo ng panulok. Ang mga Judiong ito ay ipagkakanulo ako, at mawawasak.

53. At ang kaharian ng Diyos ay kukunin mula sa kanila, at ibibigay sa isang bansang nagkakabunga; (tinutukoy ang mga Gentil.)

54. Kaya nga, sinuman ang malagpakan ng batong ito, siya ay pangangalating gaya ng alabok.

55. At kaya nga sa pagparito ng Panginoon ng ubasan, lilipulin niya yaong mga kahabag-habag, na taong masasama, at muling ipagkakatiwala ang kanyang ubasan sa ibang mga magsasaka, maging sa mga huling araw, na magbibigay sa kanya ng bunga sa panahon nito.

56. At nang sa gayon ay naunawaan nila ang winika niyang talinghaga sa kanila, na ang mga Gentil ay malilipol din, sa panahon ng pagpanaog ng Panginoon mula sa langit upang mamahala sa kanyang ubasan, na tinutukoy ang lupa at ang mga naninirahan dito.

**PJS, Mateo 23:6** (ihambing sa Mateo 23:9)

*(Siya na nasa langit ay ating tagapaglikha.)*

6. At huwag ninyong tawagin ang sinumang tao sa lupa na inyong tagapaglikha, o inyong Ama sa langit; sapagkat iisa ang inyong tagapaglikha at Ama sa langit, maging siya na nasa langit.

**PJS, Mateo 26:22, 24–25** (ihambing sa Mateo 26:26–29; PJS, Marcos 14:20–25)

*(Pinasimulan ni Jesus ang sakramento.)*

22. At samantalang sila ay nagsisikain, kumuha si Jesus ng tinapay at pinagputul-putol ito, at binasbasan ito, at ibinigay sa kanyang mga disipulo, at sinabi, Kunin ito, kainin; ito ay bilang pag-alaala sa aking katawan na ibinigay kong pinakapantubos sa inyo.

24. Sapagkat ito ay pag-alaala sa aking dugo ng bagong tipan, na mabubuhos para sa kasindami ng maniniwala sa aking pangalan, para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.

25. At ibinibigay ko sa inyo ang isang kautusan, na gawin ninyo ang mga bagay na nakita ninyong ginawa ko, at magpatotoo sa akin maging hanggang sa katapusan.

**PJS, Mateo 27:3–6** (ihambing sa Mateo 27:3–5; Mga Gawa 1:18)

*(Inilarawan ang kamatayan ni Judas.)*

3. Nang magkagayon si Judas, na nagkanulo sa kanya, pagkakitang siya ay nahatulan na, ay nagsisi, at isinauli ang tatlumpung piraso ng mga pilak sa mga punong saserdote at elder.

4. Na sinasabi, Nagkasala ako sa aking pagkakanulo sa dugo ng walang sala.

5. At kanilang sinabi sa kanya, Ano sa amin? Ikaw ang bahala niyan; sa iyo ang pagkakasala.

6. At kanyang itinapon ang mga piraso ng pilak sa templo, at lumisan, at ibinigti ang sarili sa isang puno. At kapagdaka siya ay nahulog, at sumambulat ang laman ng kanyang tiyan, at siya ay namatay.

**PJS, Marcos 9:3** (ihambing sa Marcos 9:4)

*(Si Juan Bautista ay naroon sa Bundok ng Pagbabagong-anyo.)*

3. At doon nagpakita sa kanila si Elias na kasama si Moises, o sa ibang salita, sina Juan Bautista at Moises; at sila ay nakikipag-usap kay Jesus.

**PJS, Marcos 9:40–48** (ihambing sa Marcos 9:43–48)

*(Ang pagputol sa nagpapatisod na kamay at paa ay inihalintulad sa pag-iwas sa pakikipag-ugnayan na maaaring umakay sa isang tao na maligaw.)*

40. Kaya nga, kung ang kamay mo ay makapagpapatisod sa iyo, putulin ito; o kung ang iyong kapatid ay makapagpapatisod sa iyo at hindi magtatapat at tatalikod, siya ay itatakwil. Makabubuti para sa iyo ang pumasok sa buhay na pingkaw, kaysa may dalawang kamay kang mapapasa impiyerno.

41. Sapagkat higit na makabubuti sa iyo ang pumasok sa buhay nang walang kapatid, kaysa sa ikaw at ang iyong kapatid ay mabulid sa impiyerno; sa apoy na kailanman ay hindi maaapula, na roon ay hindi namamatay ang kanilang uod, at ang apoy ay hindi naaapula.

42. At muli, kung ang paa mo ay makapagpapatisod sa iyo, putulin ito; sapagkat siya na iyong huwaran, na siya mong tinutularan, kung siya ay maging makasalanan, siya ay itatakwil.

43. Makabubuti para sa iyo, ang pumasok kang pilay sa buhay, kaysa may dalawang paa kang mabubulid sa impiyerno; sa apoy na kailanman ay hindi maaapula.

44. Kaya nga, hayaang tumayo o bumagsak ang isang tao, sa kanyang sarili, at hindi dahil sa iba; o pagtitiwala sa iba.

45. Hanapin ang aking Ama, at mangyayari sa iyo anuman ang hingin mo sa oras na yaon, kung hihingi ka nang may pananampalataya, naniniwalang ikaw ay makatatanggap.

46. At kung ang iyong mata na nagbibigay-daan upang ikaw ay makakita, siya na itinalagang magbantay sa iyo upang ipakita sa iyo ang liwanag, ay naging makasalanan at makapagpapatisod sa iyo, alisin siya.

47. Makabubuti para sa iyo ang pumasok sa kaharian ng Diyos, na iisa ang mata, kaysa may dalawang mata kang mabubulid sa apoy ng impiyerno.

48. Sapagkat makabubuti para sa iyo

ang maligtas, kaysa mabulid sa impiyernong kasama ang iyong kapatid, na roon ay hindi namamatay ang kanilang uod, at kung saan hindi naaapula ang apoy.

**PJS, Marcos 12:32** (ihambing sa Marcos 12:27)

*(Ang Diyos ay hindi Diyos ng mga patay, sapagkat pinababangon niya ang mga patay mula sa kanilang mga libingan.)*

32. Samakatwid hindi siya Diyos ng mga patay, kundi ng mga buhay; sapagkat kanyang ibinangon sila mula sa kanilang mga libingan. Kayo samakatwid ay nangagkakamaling lubha.

**PJS, Marcos 14:20–25** (ihambing sa Marcos 14:22–25; PJS, Mateo 26:22, 24–25)

*(Pinasimulan ni Jesus ang sakramento.)*

20. At samantalang sila ay nagsisikain, kumuha si Jesus ng tinapay at binasbasan ito, at pinagputul-putol, at ibinigay sa kanila, at sinabi, Kunin ito, at kainin.
21. Masdan, ito ang gagawin ninyo sa pag-alaala sa aking katawan; sapagkat kasindalas na gagawin ninyo ito, maaalaala ninyo ang oras na ito na ako ay nasa piling ninyo.
22. At kinuha niya ang saro, at nang siya ay makapagpasalamat, ibinigay niya ito sa kanila; at nagsipag-inom silang lahat nito.
23. At sinabi niya sa kanila, Ito ay pagalaala sa aking dugo na mabubuhos dahil sa marami, at ang bagong tipang ibinigay ko sa inyo; sapagkat sa akin kayo ay sasaksi sa buong daigdig.
24. At kasindalas na gagawin ninyo ang ordenansang ito, maaalaala ninyo ako sa oras na ito na ako ay nasa piling ninyo at uminom na kasama ninyo sa sarong ito, maging sa huling araw ng aking ministeryo.
25. Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Dito kayo ay magpapatotoo; sapagkat hindi na ako iinom ng bunga ng ubas na kasama ninyo, hanggang sa araw na yaon na iinumin ko itong panibago sa kaharian ng Diyos.

**PJS, Marcos 14:36–38** (ihambing sa Marcos 14:32–34)

*(Sa Getsemani, maging ang ilan sa Labindalawa ay hindi lubusang naunawaan ang tungkulin ni Jesus bilang Mesiyas.)*

36. At nagsirating sila sa isang dako na tinatawag na Getsemani, na isang halamanan; at ang mga disipulo ay nagsimulang magtaka nang labis, at namanglaw nang lubha, at dumaing sa kanilang mga puso, kung ito nga ba ang Mesiyas.
37. At si Jesus na nalalaman ang saloobin ng kanilang mga puso, ay sinabi sa kanyang mga disipulo, Magsiupo kayo rito, samantalang ako ay mananalangin.
38. At kanyang isinama si Pedro, at si Santiago, at si Juan, at pinagsabihan sila, at sinabi sa kanila, Namamanglaw na lubha ang aking kaluluwa, maging hanggang sa kamatayan; mangatira kayo rito at mangagbantay.

**PJS, Marcos 16:3–6** (ihambing sa Marcos 16:4–7; gayon ding mga pagbabago ang ginawa sa Mateo 28:2–8; ihambing sa Lucas 24:2–4)

*(Binati ng dalawang anghel ang mga babae sa libingan ng Tagapagligtas.)*

3. Subalit nang tumingin sila, nakita nilang naigulong na ang bato, (sapagkat lubha itong napakalaki,) at dalawang anghel ang nakaupo sa ibabaw nito, na nakasuot ng mahahabang puting kasuotan; at sila ay nangatakot.
4. Subalit winika ng mga anghel sa kanila, Huwag kayong mangatakot; hinahanap ninyo si Jesus ng Nazaret, na ipinako sa krus; siya ay nagbangon; wala siya rito; masdan ang dakong kinalagyan nila sa kanya;
5. At magsiyaon kayo, sabihin sa kanyang mga disipulo at kay Pedro, na siya ay mangunguna sa inyo patungo sa Galilea; doon ninyo makikita siya tulad ng sinabi niya sa inyo.
6. At sila, pagpasok sa libingan, ay nakita ang dako kung saan inilagay nila si Jesus.

**PJS, Lucas 1:8** (ihambing sa Lucas 1:8)

*(Si Zacarias, na ama ni Juan Bautista, ay*

*gumaganap sa mga tungkulin ng pagkasaserdote.)*

8. At samantalang ginagampanan niya ang katungkulan ng saserdote sa harapan ng Diyos, sa orden ng kanyang pagkasaserdote,

**PJS, Lucas 2:46** (ihambing sa Lucas 2:46)

*(Nakikinig kay Jesus ang mga guro sa templo at nagtatanong sa kanya.)*

46. At ito ay nangyari na, na pagkaraan ng tatlong araw ay natagpuan nila siya sa templo, na nakaupo sa gitna ng mga guro, at sila ay nakikinig sa kanya, at nagtatanong sa kanya.

**PJS, Lucas 3:4–11** (ihambing sa Lucas 3:4–6)

*(Paparito si Cristo upang tuparin ang propesiya, alisin ang mga kasalanan, magdala ng kaligtasan, at maging ilaw, at paparito siya sa araw ng kapangyarihan at sa kaganapan ng panahon.)*

4. Gaya ng nasusulat sa aklat ng propetang si Esaias; at ito ang mga salita, sinasabing, Ang tinig ng isang sumisigaw sa ilang, Ihanda ninyo ang daan ng Panginoon, at tuwirin ninyo ang kanyang mga landas.
5. Sapagkat masdan, at narito, paparito siya, gaya ng nasusulat sa aklat ng mga propeta, upang alisin ang kasalanan ng sanlibutan, at magdala ng kaligtasan sa mga bansang di-binyagan, upang sama-samang tipunin ang mga yaong nangawala, na mga kabilang sa kawan ng Israel;
6. Oo, maging ang mga ikinalat at binagabag; at gayon din upang ihanda ang daan, at maisagawa ang pangangaral ng ebanghelyo sa mga Gentil;
7. At maging isang ilaw sa lahat ng yaong nakaupo sa kadiliman, hanggang sa kadulu-duluhang bahagi ng mundo; upang maisakatuparan ang pagkabuhay na mag-uli mula sa mga patay; at umakyat sa itaas, upang manahan sa kanang kamay ng Ama,
8. Hanggang sa kaganapan ng panahon, at ang batas at ang patotoo ay tatatakan, at ang mga susi ng kaharian ay muling maibigay sa Ama;
9. Upang maggawad ng katarungan sa lahat; upang bumaba sa kahatulan ng lahat, at ipakita sa lahat ng makasalanan ang kanilang mga makasalanang gawa, na kanilang ginawa; at ang lahat ng ito ay sa araw na siya ay paparito;
10. Sapagkat ito ay araw ng kapangyarihan; oo, lahat ng libis ay tatambakan, at pababain ang bawat bundok at burol; ang liko ay matutuwid, at ang mga daang baku-bako ay mapapatag;
11. At makikita ng lahat ng laman ang pagliligtas ng Diyos.

**PJS, Lucas 11:53** (ihambing sa Lucas 11:52)

*(Ang kabuuan ng mga banal na kasulatan ay susi ng karunungan.)*

53. Sa aba ninyong mga tagapagtanggol! Sapagkat inalis ninyo ang susi ng karunungan, ang kabuuan ng mga banal na kasulatan; hindi kayo nagsipasok sa kaharian; at yaong mga nagsisipasok, ay inyong hinadlangan.

**PJS, Lucas 12:9–12** (ihambing sa Lucas 12:9–10)

*(Ang paglapastangan laban sa Espiritu Santo ay hindi mapatatawad.)*

9. Datapwat ang magkaila sa akin sa harapan ng mga tao, ay ikakaila sa harapan ng mga anghel ng Diyos.
10. Ngayon nalalaman ng mga disipulo na sinabi niya ito, sapagkat sila ay nangusap ng masama laban sa kanya sa harapan ng mga tao; sapagkat nangatatakot silang kilalanin siya sa harapan ng mga tao.
11. At sila ay nangatwiran sa kanilang sarili, sinasabing, Nalalaman niya ang saloobin ng ating mga puso, at siya ay nangungusap sa ating kaparusahan, at tayo ay hindi na mapatatawad. Subalit kanyang sinagot sila, at sinabi sa kanila,
12. Sinuman ang mangusap ng isang salita laban sa Anak ng Tao, at magsisisi, siya ay patatawarin; subalit siya na lumapastangan sa Espiritu Santo, ay hindi patatawarin.

**PJS, Lucas 12:41–57** (ihambing sa Lucas 12:38–48)

*(Kailangang lagi tayong handa sa pagparito ng Panginoon.)*

41. Sapagkat, dinggin, siya ay paparito sa unang pagbabantay sa gabi, at paparito rin siya sa ikalawang pagbabantay, at muli siya ay paparito sa ikatlong pagbabantay.

42. At katotohanang sinasabi ko sa inyo, Siya ay pumarito na, tulad ng nasulat hinggil sa kanya; at muli kung siya ay paparito sa ikalawang pagbabantay, o paparito sa ikatlong pagbabantay, mapapalad ang mga yaong tagapaglingkod na sa kanyang pagparito, ay kanyang madaratnang gayon ang ginagawa;

43. Sapagkat ang Panginoon ng mga yaong tagapaglingkod ay magbibigkis ng kanyang sarili, at pauupuin sila sa dulang, at lalapit at paglilingkuran sila.

44. At ngayon, katotohanang sinasabi ko ang mga bagay na ito sa inyo, upang inyo itong malaman, na ang pagparito ng Panginoon ay katulad ng isang magnanakaw sa gabi.

45. At ito ay katulad sa isang tao na isang maybahay, na, kung hindi niya babantayan ang kanyang mga ari-arian, ang magnanakaw ay darating sa oras na hindi niya inaasahan, at kukunin ang kanyang mga ari-arian, at paghahatihatiin ito sa kanyang mga kasamahan.

46. At sinabi nila sa kanilang sarili, Kung nalalaman lamang ng puno ng sambahayan kung anong oras darating ang magnanakaw, siya sana ay magbabantay, at hindi pababayaang sirain ang kanyang bahay at manakaw ang kanyang mga ari-arian.

47. At kanyang sinabi sa kanila, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, kayo rin samakatwid ay magsipaghanda; sapagkat paparito ang Anak ng Tao sa oras na hindi ninyo inaakala.

48. Sa gayon sinabi ni Pedro sa kanya, Panginoon, sinasabi ba ninyo ang talinghagang ito sa amin, o sa lahat?

49. At sinabi ng Panginoon, Ako ay nangungusap sa mga yaong gagawing pinuno ng Panginoon sa kanyang sambahayan, upang ibigay sa kanyang mga anak ang kanilang bahagi na pagkain sa takdang panahon.

50. At kanilang sinabi, Sino samakatwid ang yaong matapat at matalinong tagapaglingkod?

51. At sinabi ng Panginoon sa kanila, Siya ang yaong tagapaglingkod na nagbabantay, upang ibigay ang kanyang bahagi ng pagkain sa takdang panahon.

52. Mapalad ang yaong tagapaglingkod na maratnan ng kanyang Panginoon, sa kanyang pagparito, na gayon ang ginagawa.

53. Katotohanang sinasabi ko sa inyo, na siya ay gagawin niyang pinuno sa lahat ng kanyang pag-aari.

54. Subalit ang masamang tagapaglingkod ay yaong hindi naratnang nagbabantay. At kung ang yaong tagapaglingkod ay hindi naratnang nagbabantay, kanyang sasabihin sa kanyang puso, Maluluwatan ang pagparito ng aking Panginoon; at magsisimulang bugbugin ang mga tagapaglingkod na lalaki, at ang mga tagapaglingkod na babae, at kumain, at uminom at magpakalango.

55. Ang Panginoon ng yaong tagapaglingkod ay paparito sa araw na hindi niya inaasahan, at sa oras na hindi niya inaakala, at siya ay puputulin, at itatalaga siyang kabahagi ng mga di naniniwala.

56. At yaong tagapaglingkod na nakaaalam ng kalooban ng kanyang Panginoon, at hindi naghanda para sa pagparito ng kanyang Panginoon, ni ginawa ang alinsunod sa kanyang kalooban, ay hahampasin nang maraming hagupit.

57. Subalit siya na hindi nalalaman ang kalooban ng kanyang Panginoon, at nakagawa ng mga bagay na karapat-dapat sa mga hagupit, ay hahampasin nang kaunti. Sapagkat sa sinumang binigyan ng marami ay marami rin ang hihingiin sa kanya; at sa kanya na pinagkalooban nang labis ng Panginoon, sa kanya ang mga tao ay higit na hihingi.

**PJS, Lucas 16:16–23** (ihambing sa Lucas 16:16–18)

*(Naglaan si Jesus ng kaugnay na kahulugan sa talinghaga ng mayamang tao at si Lazaro.)*

16. At kanilang sinabi sa kanya, Mayroon kaming batas, at mga propeta; subalit hinggil sa taong ito hindi namin siya tatanggaping maging aming pinuno; sapagkat ginagawa niya ang kanyang sarili na maging hukom sa amin.
17. Sa gayon sinabi ni Jesus sa kanila, Ang batas at ang mga propeta ay nagpatotoo sa akin; oo, at lahat ng propeta na sumulat, maging hanggang kay Juan, ay naghayag ng hinggil sa mga araw na ito.
18. Mula noon, ang kaharian ng Diyos ay ipinangaral, at ang bawat tao na humahanap ng katotohanan ay nagpipilit pumasok dito.
19. At lubhang magaan pa sa langit at sa lupa ang maglaho, kaysa ang isang kudlit ng batas ay mahulog.
20. At bakit ninyo itinuturo ang batas, at tinatanggihan ang mga yaong nakasulat; at tinutuligsa siya na isinugo ng Ama na tuparin ang batas, nang kayong lahat ay matubos?
21. O mga hangal! sapagkat inyong sinabi sa inyong mga puso, Walang Diyos. At inyong inililigaw ang tamang daan; at ang kaharian ng langit ay nagdaranas ng karahasan dahil sa inyo; at inyong inuusig ang maaamo; at sa inyong karahasan hinahangad ninyong wasakin ang kaharian; at inyong kinukuha ang mga anak ng kaharian nang sapilitan. Sa aba ninyo, kayong mga nakikiapid!
22. At muli nila siyang nilait, nagalit dahil sa sinabing sila ay mga nakikiapid.
23. Subalit siya ay nagpatuloy, sinasabing, Ang sinumang ihihiwalay ang kanyang asawa, at mag-asawa sa iba, ay nagkakasala ng pakikiapid; at ang sinuman na mag-aasawa sa kanya na inihiwalay ng kanyang asawa, ay nagkakasala ng pakikiapid. Katotohanang sinasabi ko sa inyo, ihahalintulad ko kayo sa isang taong mayaman.

**PJS, Lucas 17:21** (ihambing sa Lucas 17:20–21)

*(Ang kaharian ng Diyos ay dumating na.)*

21. Ni sasabihin man nila, naririto! o, Naroroon! Sapagkat, masdan, ang kaharian ng Diyos ay dumating na sa inyo.

**PJS, Lucas 17:36–40** (ihambing sa Lucas 17:37)

*(Ipinaliwanag ni Jesus ang isang talinghaga hinggil sa pagtitipon sa mabubuti.)*

36. At sila ay sumagot at sinabi sa kanya, Saan, Panginoon, sila kukunin?
37. At sinabi niya sa kanila, Kung saan man nagtipon ang katawan; o, sa madaling salita, kung saan man nagtipon ang mga banal, doon din naman magkakatipon ang mga uwak; o, doon ang mga nalabi ay sama-samang titipunin.
38. Ito ang kanyang winika, ipinakahuhulugan ang pagtitipon ng kanyang mga banal; at ng mga anghel na bumaba at tinitipon ang mga nalabi sa kanila; ang isa mula sa higaan, ang iba mula sa gilingan, at ang iba mula sa bukid, kung saan man niya naisin.
39. Sapagkat katotohanang magkakaroon ng bagong kalangitan, at ng isang bagong lupa, kung saan mananahan ang kabutihan.
40. At hindi magkakaroon ng maruruming bagay; sapagkat ang mundo na tumanda na, maging tulad ng isang kasuotan, na nabubulok, samakatwid ito ay maglalaho, at ang tuntungan ay mananatiling banal, nalinis mula sa lahat ng kasalanan.

**PJS, Lucas 18:27** (ihambing sa Lucas 18:27)

*(Ang pagtitiwala sa kayamanan ang humahadlang sa tao sa pagpasok sa kaharian ng Diyos.)*

27. At sinabi niya sa kanila, Hindi maaari para sa kanila na nagtitiwala sa kayamanan, ang makapasok sa kaharian ng Diyos, subalit siya na tatalikdan ang mga bagay ng daigdig na ito, ay mapahihintulutan ng Diyos, na siya ay makapasok.

**PJS, Lucas 21:24–26** (ihambing sa Lucas 21:24–26)

*(Ipinaliwanag ni Jesus ang mga palatandaan ng kanyang pagparito.)*

24. Ngayon ang mga bagay na ito ay kanyang winika sa kanila, hinggil sa pagkawasak ng Jerusalem. At sa gayon ang kanyang mga disipulo ay nagtanong sa kanya, sinasabing, Guro, sabihin ninyo sa amin ang hinggil sa inyong pagparito?

25. At sinagot niya sila, at sinabing, Sa salinlahi kung saan ang panahon ng mga Gentil ay matutupad, magkakaroon ng mga palatandaan sa araw, at sa buwan, at sa mga bituin; at sa lupa ay magkakaroon ng kasalatan sa mga bansa lakip ang pagkabalisa, katulad ng dagat at mga daluyong na umuugong. Ang mundo rin ay mababagabag, at ang mga tubig ng malawak na kailaliman;

26. Magsisipanlupaypay ang mga tao dahil sa takot, at dahil sa paghihintay sa mga yaong bagay na sasapit sa mundo. Sapagkat ang mga kapangyarihan sa langit ay payayanigin.

**PJS, Lucas 21:32** (ihambing sa Lucas 21:32)

*(Ang lahat ay matutupad kapag ang panahon ng mga Gentil ay natupad na.)*

32. Katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang salinlahing ito, na salinlahi kung saan ang panahon ng mga Gentil ay matutupad, ay hindi lilipas hanggang sa ang lahat ay maganap.

**PJS, Lucas 23:35** (ihambing sa Lucas 23:34)

*(Humingi si Jesus ng kapatawaran para sa mga Romanong kawal na nagpako sa kanya.)*

35. Sa gayon sinabi ni Jesus, Ama, patawarin ninyo sila; sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa. (Tinutukoy ang mga kawal na nagpako sa kanya,) at pinagbaha-bahagi nila ang kanyang kasuotan at nagpalabunutan.

**PJS, Juan 1:1–34** (ihambing sa Juan 1:1–34)

*(Ipinangaral na mula pa sa simula ang ebanghelyo ni Jesucristo. Isang Elias [Juan Bautista] ang maghahanda ng landas para kay Cristo, at isa pang Elias [Cristo] ang magpapanumbalik sa lahat ng bagay.)*

1. Sa simula ang ebanghelyo ay ipinangaral sa pamamagitan ng Anak. At ang ebanghelyo ay salita, at ang salita ay sumasa Anak, at ang Anak ay sumasa Diyos, at ang Anak ay nasa Diyos.

2. Ito rin nang pasimula ay sumasa Diyos.

3. Ang lahat ng bagay ay ginawa sa pamamagitan niya; at alinman sa lahat ng ginawa ay hindi nagawa kung wala siya.

4. Nasa kanya ang ebanghelyo, at ang ebanghelyo ang siyang buhay, at ang buhay ang siyang ilaw ng mga tao;

5. At ang ilaw ay lumiwanag sa sanlibutan, at hindi ito naunawaan ng sanlibutan.

6. May isang tao na isinugo mula sa Diyos, na ang pangalan ay Juan.

7. Siya rin ay naparito sa daigdig bilang saksi, upang magpatotoo sa ilaw, upang patotohanan ang ebanghelyo sa pamamagitan ng Anak, sa lahat, nang sa pamamagitan niya ay maniwala ang mga tao.

8. Hindi siya ang ilaw na yaon, subalit pumarito upang patotohanan ang ilaw na yaon,

9. Na siyang tunay na ilaw, na nagbibigay-liwanag sa bawat tao na pumaparito sa daigdig;

10. Maging ang Anak ng Diyos. Siya na nasa daigdig, at ang daigdig ay ginawa sa pamamagitan niya, at hindi siya nakilala ng sanlibutan.

11. Siya ay naparito sa sariling kanya, at hindi siya tinanggap ng sariling kanya.

12. Datapwat kasindami ng tumanggap sa kanya, sa kanila ay ipinagkaloob niya ang kapangyarihan na maging mga anak ng Diyos; sa kanila lamang na naniniwala sa kanyang pangalan.

13. Siya ay isinilang, hindi sa dugo, ni

sa kalooban ng laman, ni sa kalooban ng tao, kundi ng Diyos.

14. At ang siya ring salita ay nagkatawang-tao, at nanahan sa atin, at nakita natin ang kanyang kaluwalhatian, ang kaluwalhatian gaya sa Bugtong na Anak ng Ama, puspos ng biyaya at katotohanan.

15. Pinatotohanan siya ni Juan, at sumigaw, sinasabing, Ito yaong aking sinasabi; Siya na pumaparitong nasa hulihan ko, ay inihandang una sa akin; sapagkat siya ay una sa akin.

16. Sapagkat sa pasimula ang Salita, maging ang Anak, na ginawang laman, at isinugo sa atin sa kalooban ng Ama. At kasindami ng maniniwala sa kanyang pangalan ay makatatanggap ng kanyang kaganapan. At dahil sa kanyang kaganapan ay natanggap nating lahat, maging ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ng kanyang biyaya.

17. Sapagkat ibinigay sa pamamagitan ni Moises ang batas, subalit ang buhay at katotohanan ay dumating sa pamamagitan ni Jesucristo.

18. Sapagkat ang batas ay alinsunod sa kautusang ukol sa laman, tungo sa paggagawad ng kamatayan; subalit ang ebanghelyo ay alinsunod sa kapangyarihan ng buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ni Jesucristo, ang Bugtong na Anak, na nasa sinapupunan ng Ama.

19. At walang taong nakakita kailanman sa Diyos, maliban sa siya ay nagpatotoo sa Anak; sapagkat maliban sa pamamagitan niya ay walang taong maliligtas.

20. At ito ang patotoo ni Juan, nang suguin ng mga Judio ang mga saserdote at Levita mula sa Jerusalem, upang siya ay tanungin; Sino ka ba?

21. At kanyang ipinahayag at hindi ikinaila na siya si Elias; kundi nagpahayag, sinasabing; Hindi ako ang Cristo.

22. At kanilang tinanong siya, sinasabing; Paanong ikaw ay si Elias? At sinabi niya, Hindi ako ang yaong Elias na magpapanumbalik sa lahat ng bagay. At kanilang tinanong siya, sinasabing, Ikaw ba ang propetang yaon? At sumagot siya, Hindi.

23. Sa gayon sinabi nila sa kanya, Sino ka ba? nang sa gayon ay maibigay namin ang kasagutan sa kanila na nagsugo sa amin. Ano ang masasabi mo tungkol sa iyong sarili?

24. Sinabi niya, Ako ang tinig ng isang humihiyaw sa ilang, Tuwirin ninyo ang daan ng Panginoon, tulad ng sinasabi ni propeta Esaias.

25. At sila na mga isinugo ay buhat sa mga Fariseo.

26. At kanilang tinanong siya, at sinabi sa kanya; Kung gayon ay bakit nagbibinyag ka, kung hindi ikaw ang Cristo, ni si Elias na magpapanumbalik sa lahat ng bagay, ni ang propetang yaon?

27. Sinagot sila ni Juan, sinasabing; Ako ay nagbibinyag sa pamamagitan ng tubig, datapwat sa inyo ay may nakatayo, na hindi ninyo nakikilala;

28. Siya itong aking pinatototohanan. Siya ang propetang yaon, maging si Elias, na, pumaritong kasunod ko, ay inihandang una sa akin, na sa panali ng kanyang pangyapak ay hindi ako karapat-dapat magkalag, o maaaring pumalit man sa kanyang kinalalagyan; sapagkat siya ay magbibinyag, hindi lamang sa pamamagitan ng tubig, kundi sa pamamagitan ng apoy at ng Espiritu Santo.

29. Kinabukasan ay nakita ni Juan si Jesus na papalapit sa kanya, at sinabing; Masdan ang Kordero ng Diyos, na nagaalis ng kasalanan ng sanlibutan!

30. At nagpatotoo si Juan hinggil sa kanya sa mga tao, sinasabing, Siya yaong aking sinasabi; Sa hulihan ko ay dumarating ang isang lalaki na inihandang una sa akin; sapagkat siya ay una sa akin, at nakikilala ko siya, at na siya ay ipahahayag sa Israel; samakatwid naparito akong nagbibinyag sa pamamagitan ng tubig.

31. At nagpatotoo si Juan, sinasabing; Nang siya ay mabinyagan ko, nakita ko ang Espiritu na bumababa mula sa langit na tulad ng isang kalapati, at ito ay nanahan sa kanya.

32. At nakilala ko siya; sapagkat siya

na nagsugo sa akin upang magbinyag sa pamamagitan ng tubig, siya rin ang nagsabi sa akin; Ang makita mong babaan ng Espiritu, at manahan sa kanya, siya ang yaong magbibinyag sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

33. At nakita ko, at pinatotohanan na ito ang Anak ng Diyos.

34. Ang mga bagay na ito ay naganap sa Betabara, sa dako pa roon ng Jordan, kung saan nagbibinyag si Juan.

**PJS, Juan 1:42** (ihambing sa Juan 1:42)

*(Ang kahulugan ng cefas ay "tagakita" o "bato".)*

42. At kanyang dinala siya kay Jesus. At nang mamasdan siya ni Jesus, kanyang sinabi, Ikaw ay si Simon, na anak ni Jona, tatawagin kang Cefas, na, ang kahulugan, isang tagakita, o isang bato. At sila ay mga mangingisda. At kaagad nilang iniwanan ang lahat, at sumunod kay Jesus.

**PJS, Juan 4:1–4** (ihambing sa Juan 4:1–2)

*(Nagsagawa si Jesus ng mga pagbibinyag.)*

1. Nang samakatwid nabalitaan ng mga Fariseo na si Jesus ay nagkaroon at nagbinyag ng maraming disipulo nang higit pa kaysa kay Juan,

2. Sila ay masigasig na naghanap ng ilang paraan upang kanilang mapatay siya; sapagkat marami ang tumanggap kay Juan bilang isang propeta, subalit hindi sila naniniwala kay Jesus.

3. Ngayon nalalaman ito ng Panginoon, bagamat hindi siya mismo ang nagbibinyag ng marami na tulad ng kanyang mga disipulo;

4. Sapagkat kanyang hinahayaan sila para sa isang halimbawa, inihahanda ang bawat isa.

**PJS, Juan 4:26** (ihambing sa Juan 4:24)

*(Ipinangako ng Diyos ang kanyang Espiritu sa mga tunay na naniniwala.)*

26. Sapagkat sa mga yaon ipinangako ng Diyos ang kanyang Espiritu. At sila na sumasamba sa kanya ay kailangang sumamba sa espiritu at sa katotohanan.

**PJS, Juan 13:8–10** (ihambing sa Juan 13:8–10)

*(Hinugasan ni Jesus ang mga paa ng mga Apostol.)*

8. Sinabi ni Pedro sa kanya, Hindi na ninyo kailangang hugasan pa ang aking mga paa. Sinagot siya ni Jesus, Kung hindi kita huhugasan, ay hindi ka magkakaroon ng bahagi sa akin.

9. Sinabi sa kanya ni Simon Pedro, Panginoon hindi lamang ang aking mga paa, kundi pati ang aking mga kamay at aking ulo.

10. Sinabi ni Jesus sa kanya, Siya na nahugasan ang kanyang mga kamay at ang kanyang ulo, ay hindi na kinakailangan hugasan maliban ang kanyang mga paa, sapagkat malinis nang lubos; at kayo ay malinis na, subalit hindi lahat. Ngayon ito ang kaugalian ng mga Judio sa ilalim ng kanilang batas; samakatwid, ginawa ito ni Jesus upang matupad ang batas.

**PJS, Juan 14:30** (ihambing sa Juan 14:30)

*(Ang prinsipe ng kadiliman, o si Satanas, ay nasa daigdig na ito.)*

30. Pagkatapos nito hindi na ako magsasalita pa nang marami sa inyo; sapagkat ang prinsipe ng kadiliman, na nasa daigdig na ito, ay dumarating, subalit walang kapangyarihan sa akin, gayon man siya ay may kapangyarihan sa inyo.

**PJS, Mga Gawa 9:7** (ihambing sa Mga Gawa 9:7; Mga Gawa 22:9)

*(Yaong mga kasama ni Pablo sa kanyang pagbabalik-loob ay nakita ang liwanag, subalit hindi nila narinig ang tinig o nakita man ang Panginoon.)*

7. At sila na kasama niya sa paglalakbay ay katotohanang nakita ang liwanag, at nangatakot; subalit hindi nila narinig ang tinig niya na nangungusap sa kanya.

**PJS, Mga Taga-Roma 4:16** (ihambing sa Mga Taga-Roma 4:16)

*(Kinakailangan kapwa ang pananampala-*

*taya at mga gawa, sa pamamagitan ng biyaya, para sa kaligtasan.)*

16. Dahil dito kayo ay mabibigyang-katwiran dahil sa pananampalataya at mga gawa, sa pamamagitan ng biyaya, sa katapusan ang pangako ay tiyak na mapapasalahat ng binhi; hindi lamang sa kanila na nasa batas, kundi sa kanila rin na nasa pananampalataya ni Abraham; na ama nating lahat.

**PJS, Mga Taga-Roma 7:5–27**
(ihambing sa Mga Taga-Roma 7:5–25)

*(May kapangyarihan si Cristo na baguhin ang kaluluwa ng mga tao.)*

5. Sapagkat nang tayo ay napasa laman, ang mga galaw ng kasalanan, na hindi alinsunod sa batas, ay nagsigawa sa ating mga bahagi upang magsipagbunga tungo sa kamatayan.

6. Subalit ngayon tayo ay nakalaya mula sa batas kung saan tayo nakagapos, na mga patay sa batas, na tayo ay kailangang maglingkod sa panibagong espiritu, at hindi sa kalumaan ng sulat.

7. Ano nga ang masasabi natin ngayon? Ang batas ba ay kasalanan? Huwag nawang itulot ng Diyos. Hindi, hindi ako nakakikilala ng kasalanan, kundi sa pamamagitan ng batas; sapagkat hindi ako nakakikilala ng pagnanasa, kundi sinabi ng batas, Huwag kang mag-imbot.

8. Datapwat ang kasalanan, nang makasumpong ng pagkakataon sa pamamagitan ng kautusan, ay gumawa sa akin ng lahat ng uri ng kasakiman. Sapagkat kung walang batas ang kasalanan ay patay.

9. Minsan ako ay nabubuhay nang walang paglabag sa batas, subalit nang dumating ang kautusan ni Cristo, ay muling nabuhay ang kasalanan, at ako ay namatay.

10. At nang ako ay hindi maniwala sa dumating na kautusan ni Cristo, na siyang inordenan sa buhay, ay nasumpungan ko itong humahatol sa akin tungo sa kamatayan.

11. Sapagkat ang kasalanan, nang makasumpong ng pagkakataon, ay pinabulaanan ang kautusan, at dinaya ako; at sa pamamagitan nito ako ay pinatay.

12. Gayunpaman, nasumpungan ko na ang batas ay banal, at ang kautusan ay banal, at matwid, at mabuti.

13. Ang mabuti ba ay naging kamatayan sa akin? Huwag nawang itulot ng Diyos. Subalit ang kasalanan, upang maipakilalang kasalanan sa pamamagitan ng yaong mabuti ay gumawa sa akin ng kamatayan; ang yaong kasalanan, sa pamamagitan ng kautusan, ay maging lalong sala.

14. Sapagkat nalalaman natin na ang kautusan ay espirituwal; subalit nang ako ay nasa ilalim ng batas, ako ay makamundo pa, na ipinagbili sa ilalim ng kasalanan.

15. Subalit ngayon ako ay espirituwal na; sapagkat ang yaong sa akin ay iniutos na gawin, ay ginagawa ko; at yaong sa akin ay iniutos na huwag gawin, ay hindi ko ginagawa.

16. Sapagkat ang nalalaman kong hindi tama, ay hindi ko ginagawa; sapagkat ang yaong kasalanan, ay aking kinapopootan.

17. Ngunit kung hindi ko ginagawa ang yaong hindi ko ibig, ay sumasang-ayon ako sa batas, na ito ay mabuti; at ako ay hindi parurusahan.

18. Kaya ngayon, hindi na ako ang yaong nagkakasala; kundi hinahangad ko na lupigin ang kasalanang yaon na nananahan sa akin.

19. Sapagkat nalalaman ko na nasa akin, samakatwid, sa aking laman, ay nananahan ang hindi mabuting bagay; sapagkat ang pagnanasa ay nasa akin, subalit ang gawin ang yaong mabuti ay hindi ko masumpungan, tanging kay Cristo lamang.

20. Sapagkat ang mabuti na gagawin ko sana sa ilalim ng batas, ay nasumpungan kong hindi mabuti; kaya nga, hindi ko ito ginawa.

21. Subalit ang masama na hindi ko gagawin sa ilalim ng batas, ay nasumpungan kong mabuti; kaya nga, aking ginawa.

22. Ngayon kung gagawin ko iyon, sa

pamamagitan ng tulong ni Cristo, ay hindi ko gagawin sa ilalim ng batas, ako ay wala sa ilalim ng batas; at hindi na ako naghahangad pang gumawa ng mali, kundi lupigin ang kasalanan na nananahan sa akin.

23. Nasumpungan ko ngayon na sa ilalim ng batas, na kung ako ay gagawa ng mabuti ang masama ay nasa akin; sapagkat ako ay nalulugod sa batas ng Diyos alinsunod sa panloob na pagkatao ng isang tao.

24. At ngayon nakikita ko ang iba pang batas, maging ang kautusan ni Cristo, at ito ay nakakintal sa aking isipan.

25. Subalit ang aking mga bahagi ay nakikibaka laban sa batas na nasa aking isipan, at dinadala ako tungo sa pagkabihag sa batas ng kasalanan na nasa aking mga bahagi.

26. At kung hindi ko malulupig ang kasalanan na nasa akin, kundi sa laman paglilingkuran ang batas ng kasalanan; O abang tao ako! sino ang magliligtas sa akin mula sa katawan ng kamatayang ito?

27. Nagpapasalamat ako sa Diyos sa pamamagitan ni Jesucristo na ating Panginoon, kaya nga, sa aking isipan ako na rin ay maglilingkod sa batas ng Diyos.

**PJS, Mga Taga-Roma 8:8** (ihambing sa Mga Taga-Roma 8:8)

*(Yaong mga umaayon sa laman ay hindi makalulugod sa Diyos.)*

8. Ngayon sila na mga ayon sa laman ay hindi makalulugod sa Diyos.

**PJS, 1 Mga Taga-Corinto 7:1–2, 5, 26, 29–33** (ihambing sa 1 Mga Taga-Corinto 7:1–2, 5, 26, 29–33)

*(Sinagot ni Pablo ang mga katanungan hinggil sa pag-aasawa ng mga yaong tinawag sa mga misyon.)*

1. Ngayon hinggil sa mga bagay na isinulat ninyo sa akin, sinasabing, Mabuti para sa isang lalaki na huwag humipo sa isang babae.

2. Gayunpaman, sinasabi ko, upang maiwasan ang pangangalunya, hayaang ang bawat lalaki ay magkaroon ng kanyang sariling asawa, at hayaang ang bawat babae ay magkaroon ng kanyang sariling asawa.

5. Huwag kayong humiwalay sa isa't isa, maliban sa pagkasunduan ito sa ilang panahon, upang maipagkaloob ninyo ang inyong sarili sa pag-aayuno at pananalangin; at muling magsama, upang hindi kayo matukso ni Satanas dahil sa inyong kapusukan.

26. Inaakala ko ngang makabubuti ito para sa kasalukuyang kahapisan, na ang isang tao ay manatili munang gayon upang siya ay makagawa ng lalong mabuti.

29. Subalit ako ay nangungusap sa inyo na mga tinawag sa ministeryo. Dahil dito ako ay nagsasabi, mga kapatid, ang panahong natitira ay maikli na lamang, na kayo ay isusugo sa ministeryo. Maging sila na may mga asawa, ay maging katulad sila sa wala; sapagkat kayo ay tinawag at pinili upang gawin ang gawain ng Panginoon.

30. At matutulad sa kanila na nananangis, na para bang sila ay hindi nananangis; at sa kanila na nagsasaya, na para bang sila ay hindi nagsasaya, at sila na bumili, na para bang walang inaari;

31. At sila na ginagamit ang daigdig na ito, ay katulad sa hindi ito ginagamit; sapagkat ang kaasalan ng daigdig na ito ay lumilipas.

32. Subalit ibig ko, mga kapatid, na inyong gampanan ang inyong tungkulin. Ibig ko na kayo ay mawalan ng kabalisahan. Sapagkat siya na walang asawa, ay nagsusumakit sa mga bagay na nasa Panginoon, kung paano siya makalulugod sa Panginoon; kaya nga siya ay magwawagi.

33. Ngunit siya na may-asawa, ay nagsusumakit sa mga bagay ng daigdig, kung paano niya mapalulugod ang kanyang asawa; samakatwid may pagkakaiba, sapagkat siya ay nahahadlangan.

**PJS, 1 Mga Taga-Corinto 15:40** (ihambing sa 1 Mga Taga-Corinto 15:40)

*(May tatlong antas ng kaluwalhatian sa pagkabuhay na mag-uli.)*

40. Gayundin ang mga katawang selestiyal, at mga katawang terestriyal, at mga katawang telestiyal; subalit ang kaluwalhatian ng selestiyal ay iba; at ng terestriyal, ay iba; at ng telestiyal, ay iba.

**PJS, 2 Mga Taga-Corinto 5:16** (ihambing sa 2 Mga Taga-Corinto 5:16)

*(Pinayuhan ni Pablo ang mga Banal na huwag mamuhay nang ayon sa laman.)*

16. Kaya nga, mula ngayon hindi tayo muling mamumuhay pa ayon sa laman; oo, bagamat minsan tayong namuhay ayon sa laman, subalit ngayong nakikilala na natin si Cristo, mula ngayon tayo ay hindi na mamumuhay pa ayon sa laman.

**PJS, Mga Taga-Galacia 3:19–20** (ihambing sa Mga Taga-Galacia 3:19–20)

*(Si Cristo ang tagapamagitan ng bagong tipan. Inihambing ang batas ni Moises [lumang tipan] at ang walang hanggang ebanghelyo [bagong tipan].)*

19. Kaya nga ngayon, ang batas ay idinagdag dahil sa mga paglabag, hanggang sa pumarito ang binhi na siyang pinangakuan sa batas na ibinigay kay Moises, na inorden ng kamay ng mga anghel na maging tagapamagitan ng unang tipang ito, (ang batas).

20. Ngayon ang tagapamagitang ito ay hindi ang tagapamagitan ng bagong tipan; subalit may isang tagapamagitan ng bagong tipan, na si Cristo, tulad ng naisulat sa batas hinggil sa mga pangakong ginawa kay Abraham at sa kanyang mga binhi. Ngayon si Cristo ang tagapamagitan ng buhay; sapagkat ito ang pangakong ginawa ng Diyos kay Abraham.

**PJS, Mga Taga-Efeso 4:26** (ihambing sa Mga Taga-Efeso 4:26)

*(Ang galit na di makatwiran ay kasalanan.)*

26. Magagalit ba kayo, at hindi magkakasala? huwag hayaang lumubog ang araw sa inyong galit;

**PJS, 1 Mga Taga-Tesalonica 4:15** (ihambing sa 1 Mga Taga-Tesalonica 4:15)

*(Walang kalamangan ang yaong mabubuting tao na buhay sa pagparito ng Panginoon sa mabubuting patay.)*

15. Sapagkat ito ay sinasabi namin sa inyo sa salita ng Panginoon, na sila na mga buhay sa pagparito ng Panginoon, ay hindi hahadlangan sila na mga naiwan sa pagparito ng Panginoon, na mga nangatutulog.

**PJS, 2 Mga Taga-Tesalonica 2:2–3, 7–9** (ihambing sa 2 Mga Taga-Tesalonica 2:2–9)

*(Ipinopropesiya ni Pablo ang lubusang pagtalikod sa katotohanan bago bumalik ang Panginoon.)*

2. Upang huwag kayong madaling matinag sa isipan, o mabagabag man sa pamamagitan ng sulat, maliban kung ito ay tinanggap ninyo mula sa amin; ni sa pamamagitan man ng espiritu, ni sa pamamagitan man ng salita, na wari bang nalalapit na ang araw ni Cristo.

3. Huwag kayong palinlang kanino man sa anumang paraan; sapagkat magkakaroon muna ng pagtalikod, at mahayag ang taong makasalanan, ang anak ng kapahamakan;

7. Sapagkat ang hiwaga ng kasamaan ay gumagawa na, at siya ang yaong gumagawa, at hinahayaan siyang kumilos ni Cristo, hanggang sa ang panahon ay maganap na siya ay aalisin sa landas.

8. At sa gayon ang masamang iyon ay ilalantad, na pupuksain ng Panginoon sa pamamagitan ng hininga ng kanyang bibig, at wawasakin sa pamamagitan ng liwanag ng kanyang pagparito.

9. Oo, ng Panginoon, maging ni Jesus, na hindi paparito hanggang sa magkaroon muna ng pagtalikod, sa pamamagitan ng paggawa ni Satanas na may buong kapangyarihan, at mga palatandaan at kahanga-hangang kasinungalingan,

**PJS, 1 Kay Timoteo 2:4** (ihambing sa 1 Kay Timoteo 2:4)

*(Si Cristo ang Bugtong na Anak at Tagapamagitan.)*

4. Na siyang may ibig na ang lahat ng tao ay maligtas, at makarating sa kaalaman ng katotohanan na na kay Cristo Jesus, na Bugtong na Anak ng Diyos, at inordenan na maging Tagapamagitan sa Diyos at tao; na iisang Diyos, at may kapangyarihan sa lahat ng tao.

**PJS, 1 Kay Timoteo 6:15–16** (ihambing sa 1 Kay Timoteo 6:15–16)

*(Yaong may liwanag ng kawalang-kamatayan na nananahan sa kanila ay makikita si Jesus.)*

15. Na sa kanyang kapanahunan ay ipahahayag na siya, ang pinagpala at tanging Makapangyarihan, ang Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon, na sa kanya'y ang kapurihan at kapangyarihang walang hanggan;
16. Na hindi nakita ng sinumang tao, o maaaring makita man, na hindi malalapitan ninuman, maliban sa kanya na ang liwanag at pag-asa ng kawalang-kamatayan ay nananahan.

**PJS, Sa Mga Hebreo 1:6–7** (ihambing sa Sa Mga Hebreo 1:6–7)

*(Mga naglilingkod na espiritu ang mga anghel.)*

6. At muli, nang dinala niya ang unang panganay sa daigdig, sinabi niya, At sambahin siya ng lahat ng anghel ng Diyos, na ginagawa ang kanyang mga tagapaglingkod na katulad ng isang ningas ng apoy.
7. At hinggil sa mga anghel kanyang sinabi, Ang mga anghel ay mga espiritung nagsisipaglingkod.

**PJS, Sa Mga Hebreo 4:3** (ihambing sa Sa Mga Hebreo 4:3)

*(Inihanda mula pa sa pagkakatatag ng daigdig ang mga gawain ng Diyos.)*

3. Sapagkat tayo na mga naniniwala ay nagsisipasok sa kapahingahan, tulad ng kanyang sinabi, Tulad ng aking isinumpa sa aking pagkagalit, Kung patitigasin nila ang kanilang mga puso ay hindi sila makapapasok sa aking kapahingahan; gayon din, aking isinumpa, Kung hindi nila patitigasin ang kanilang mga puso, ay makapapasok sila sa aking kapahingahan; bagamat ang mga gawain ng Diyos ay handa na, (o tapos na,) mula pa sa pagkakatatag ng daigdig.

**PJS, Sa Mga Hebreo 5:7–8**

*(Ipinahahayag ng isang tala sa manuskrito ng PJS na ang mga talata 7 at 8 ay tumutukoy kay Melquisedec at hindi kay Cristo. Maliban dito, ang mga teksto sa KJV at PJS ay magkatulad.)*

**PJS, Sa Mga Hebreo 6:1, 3** (ihambing sa Sa Mga Hebreo 6:1, 3)

*(Umaakay ang mga alituntunin ni Cristo tungo sa pagiging ganap.)*

1. Kaya nga hindi iniiwan ang mga alituntunin ng doktrina ni Cristo, tayo ay magpatuloy tungo sa pagiging ganap; hindi na muling ilalagay pa ang saligan ng pagsisisi sa mga patay na gawa, at ng pananampalataya sa Diyos.
3. At tayo ay magpapatuloy tungo sa pagiging ganap kung ipahihintulot ng Diyos.

**PJS, Sa Mga Hebreo 7:3** (ihambing sa Sa Mga Hebreo 7:3)

*(Ang banal na pagkasaserdote alinsunod sa orden ng Anak ng Diyos ay walang ama o ina at ni walang simula ni katapusan ng mga araw.)*

3. Sapagkat ang Melquisedec na ito ay inordenang saserdote alinsunod sa orden ng Anak ng Diyos, kung aling orden ay walang ama, walang ina, walang pinanggalingan, wala ni simula ng mga araw, ni katapusan man ng buhay. At ang lahat ng yaong inordenan sa pagkasaserdoteng ito ay ginagawang katulad ng Anak ng Diyos, mananatiling saserdote magpakailanman.

**PJS, Sa Mga Hebreo 7:25–26** (ihambing sa Sa Mga Hebreo 7:26–27)

*(Ipinaliwanag ang tungkuling ginampanan ni Cristo bilang tagapamagitan.)*

25. Sapagkat ang gayong mataas na saserdote ay napasaatin, na banal, walang sala, walang bahid-dungis, nahihiwalay sa mga makasalanan, at ginawang puno sa kalangitan;

26. At hindi katulad ng yaong matataas na saserdote na naghahandog ng hain araw-araw, una para sa kanilang sariling mga kasalanan, at pagkatapos para sa mga kasalanan ng mga tao; sapagkat siya ay hindi na kinakailangang maghandog ng hain para sa kanyang sariling kasalanan, sapagkat hindi siya nakagawa ng anumang kasalanan; kundi para sa mga kasalanan ng mga tao. At ito ay ginawa niya minsan, nang ihandog niya ang kanyang sarili.

**PJS, Sa Mga Hebreo 11:1** (ihambing sa Sa Mga Hebreo 11:1)

*(Ang pananampalataya ang kapanatagan sa mga bagay na inaasam.)*

1. Ngayon ang pananampalataya ay kapanatagan sa mga bagay na inaasam, ang katunayan ng mga bagay na hindi nakikita.

**PJS, Sa Mga Hebreo 11:35** (ihambing sa Sa Mga Hebreo 11:35)

*(Ang matatapat na pinahirapan dahil kay Cristo ay matatamo ang unang pagkabuhay na mag-uli.)*

35. Tinanggap ng mga babae ang kanilang mga patay na ibinangon sa muling pagkabuhay; at ang iba ay pinahirapan, na mga hindi tumatanggap sa katubusan; upang tamuhin nila ang unang pagkabuhay na mag-uli;

**PJS, Santiago 1:2** (ihambing sa Santiago 1:2)

*(Mga paghihirap, hindi mga tukso, ang nakatutulong upang tayo ay mapabanal.)*

2. Mga kapatid ko, ariin ninyo nang buong kagalakan kung kayo ay mangahulog sa maraming paghihirap;

**PJS, Santiago 2:1** (ihambing sa Santiago 2:1)

*(Hindi dapat itangi ng mga kasapi ang isang tao nang higit kaysa sa isa.)*

1. Mga kapatid ko, hindi ninyo makakamtan ang pananampalataya ng ating Panginoong Jesucristo, na Panginoon ng kaluwalhatian, at gayon man ay nagtatangi pa sa mga tao.

**PJS, 1 Pedro 3:20** (ihambing sa 1 Pedro 3:20)

*(Ang ilan sa espiritu sa bilangguan ay masasama noong mga araw ni Noe.)*

20. Ang ilan sa kanila ay mga suwail noong mga araw ni Noe, samantalang ang mahabang pagtitiis ng Diyos ay naghihintay, habang inihahanda ang arka, kung saan kakaunti, hindi nga ba't, walong kaluluwa ang naligtas sa tubig.

**PJS, 1 Pedro 4:6** (ihambing sa 1 Pedro 4:6)

*(Ipinangaral ang ebanghelyo sa yaong mga patay.)*

6. Dahil dito, ay ipinangaral ang ebanghelyo sa kanila na mga patay, upang sila ay mahatulan alinsunod sa mga tao sa laman, subalit mangabuhay sa espiritu alinsunod sa kalooban ng Diyos.

**PJS, 1 Pedro 4:8** (ihambing sa 1 Pedro 4:8)

*(Iniadya tayo ng pag-ibig sa kapwa-tao mula sa paggawa ng kasalanan.)*

8. At higit sa lahat ng bagay magkaroon ng maningas na pag-ibig sa kapwa-tao sa inyo; sapagkat ang pag-ibig sa kapwa ay nag-aadya sa maraming kasalanan.

**PJS, 1 Juan 2:1** (ihambing sa 1 Juan 2:1)

*(Magiging tagapamagitan natin si Cristo sa Ama kung tayo ay magsisisi.)*

1. Mumunti kong mga anak, ang mga bagay na ito ay isinusulat ko sa inyo, nang kayo ay huwag magkasala. Subalit kung ang sinumang tao ay magkasala at magsisi, mayroon tayong tagapamagitan sa Ama, si Jesucristo, ang matwid;

**PJS, 1 Juan 3:9** (ihambing sa 1 Juan 3:9)

*(Ang sinumang isinilang sa Diyos ay hindi magpapatuloy sa kasalanan.)*

9. Ang sinumang isinilang sa Diyos ay hindi nagpapatuloy sa kasalanan; sapagkat ang Espiritu ng Diyos ay nananahan sa kanya; at hindi siya makapagpapatuloy sa kasalanan, sapagkat siya ay isinilang sa Diyos, tinanggap ang yaong banal na Espiritu ng pangako.

**PJS, 1 Juan 4:12** (ihambing sa 1 Juan 4:12)

*(Yaong mga tao lamang na naniniwala sa Diyos ang maaaring makakita sa kanya.)*

12. Walang sinumang tao ang nakakita sa Diyos kailanman, maliban sa kanila na naniniwala. Kung iniibig natin ang bawat isa, nananahan ang Diyos sa atin, at ang kanyang pag-ibig ay ganap na sa atin.

**PJS, Apocalipsis 1:1–4** (ihambing sa Apocalipsis 1:1–4)

*(Nakatanggap si Juan ng isang paghahayag mula kay Jesucristo at inihayag ito sa mga pinuno ng pitong simbahan sa Asia.)*

1. Ang Paghahayag ni Juan, na isang tagapaglingkod ng Diyos, na ibinigay sa kanya ni Jesucristo, upang ipakita sa kanyang mga tagapaglingkod ang mga bagay na mangyayaring madali, na kanyang ipinadala at ipinaalam sa pamamagitan ng kanyang anghel sa kanyang tagapaglingkod na si Juan,
2. Na nagpatotoo sa salita ng Diyos, at sa patotoo ni Jesucristo, at sa lahat ng bagay na kanyang nakita.
3. Mapalad sila na bumabasa, at sila na nakikinig at nakauunawa sa mga salita ng propesiyang ito, at tumutupad sa yaong mga bagay na nasusulat doon, sapagkat ang panahon ng pagparito ng Panginoon ay nalalapit na.
4. Ngayon ito ang patotoo ni Juan sa pitong tagapaglingkod na nasa pitong simbahan sa Asia. Biyaya ang sumainyo, at kapayapaan mula sa kanya na ngayon, at ng nakaraan, at ng darating; na isinugo ang kanyang anghel mula sa harapan ng kanyang trono, upang magpatotoo sa yaong pitong tagapaglingkod sa pitong simbahan.

**PJS, Apocalipsis 2:22** (ihambing sa Apocalipsis 2:22)

*(Itatapon sa impiyerno ang masasama.)*

22. Masdan, itatapon ko siya sa impiyerno, at sila na kasama niya na nagkasala ng pakikiapid sa matinding pagdurusa, maliban kung sila ay magsisisi sa kanilang mga ginawa.

**PJS, Apocalipsis 5:6** (ihambing sa Apocalipsis 5:6)

*(Isinugo sa buong mundo ang labindalawang tagapaglingkod ng Diyos.)*

6. At namalas ko, at, masdan, sa gitna ng trono at ng apat na hayop, at sa gitna ng mga elder, ang isang Kordero na nakatayo na wari ay pinatay, na may labindalawang sungay at labindalawang mata, na siyang labindalawang tagapaglingkod ng Diyos, na isinugo sa buong mundo.

**PJS, Apocalipsis 12:1–17** (ihambing sa Apocalipsis 12:1–17; Doktrina at mga Tipan 77)

*(Ang babae [ang Simbahan], ang bata [ang kaharian ng Diyos], ang gabay na bakal [ang salita ng Diyos], ang dragon [Satanas], at si Miguel [Adan] ay ipinaliwanag. Nagpapatuloy rito sa lupa ang digmaan sa langit.)*

1. At isang dakilang palatandaan ang lumitaw sa langit, kahalintulad ng mga bagay sa lupa; isang babaing nadaramitan ng araw, at ang buwan ay nasa ilalim ng kanyang mga paa, at sa kanyang ulo ay may isang putong na labindalawang bituin.
2. At ang babae ay nagdadalantao, ay sumigaw, nagdaramdam sa pagsisilang, at sa hirap upang magsilang.
3. At siya ay nagsilang ng anak na lalaki, na maghahari sa lahat ng bansa sa pamamagitan ng gabay na bakal; at ang kanyang anak ay dinala sa Diyos at sa kanyang trono.
4. At may lumitaw na isa pang palatandaan sa langit; at masdan, isang malaking pulang dragon, na may pitong ulo at sampung sungay, at pitong putong sa kanyang mga ulo. At isina-

ma ng kanyang buntot ang ikatlong bahagi ng mga bituin ng langit, at inihagis sila sa lupa. At ang dragon ay tumayo sa harapan ng babaing magsisilang na, na nakahandang lamunin ang kanyang anak pagkatapos itong maisilang.

5. At ang babae ay tumakas patungo sa ilang, kung saan siya ipinaghanda ng Diyos ng isang dako, upang doon ay kanilang mapangalagaan siya ng isanlibo dalawang daan at tatlong daang taon.

6. At nagkaroon ng digmaan sa langit; si Miguel at ang kanyang mga anghel ay nakipaglaban sa dragon; at ang dragon at ang kanyang mga anghel ay nakipaglaban kay Miguel.

7. At hindi nagwagi ang dragon laban kay Miguel, ni sa anak, ni sa babae man na siyang simbahan ng Diyos, na naibsan sa kanyang mga sakit, at isinilang ang kaharian ng ating Diyos at ng kanyang Cristo.

8. Ni may dako pa mang masusumpungan sa langit para sa malaking dragon, na itinakwil; ang yaong matandang ahas na tinawag na diyablo, at tinawag ding Satanas, na lumilinlang sa buong sanlibutan; siya ay itinapon sa lupa; at ang kanyang mga anghel ay itinapong kasama niya.

9. At ako ay nakarinig ng isang malakas na tinig sa langit sinasabing, Ngayon ay dumating ang kaligtasan, at kapangyarihan, at ang kaharian ng ating Diyos, at ang kapangyarihan ng kanyang Cristo;

10. Sapagkat itinapon na ang taga-usig ng ating mga kapatid, na nagpaparatang sa kanila sa harapan ng ating Diyos araw at gabi.

11. Sapagkat kanilang nadaig siya sa pamamagitan ng dugo ng Kordero, at ng salita ng kanilang patotoo; sapagkat hindi nila minahal ang kanilang sariling buhay, kundi matatag sa patotoo maging hanggang sa kamatayan. Samakatwid, magalak O kalangitan, at kayo na nananahan dito.

12. At matapos ang mga bagay na ito ay nakarinig ako ng isa pang tinig sinasabing, Sa aba sa mga naninirahan sa lupa, oo, at sa kanila na mga naninirahan sa mga pulo ng dagat! sapagkat ang diyablo ay bumaba sa inyo, sa matinding poot, dahil kanyang nalalaman na siya ay may maikling panahon na lamang.

13. Sapagkat nang makita ng dragon na siya ay itinapon sa lupa, inusig niya ang babaing nagsilang ng anak na lalaki.

14. Kaya nga, sa babae ay ibinigay ang dalawang pakpak ng isang malaking agila, upang siya ay makatakas patungo sa ilang, sa kanyang dako, kung saan siya ay kinandili ng ilang panahon, at mga panahon, at kalahati ng panahon, mula sa harapan ng ahas.

15. At ang ahas ay nagbuga mula sa kanyang bibig ng tubig katulad sa baha sa likuran ng babae, upang kanyang maipatangay siya sa baha.

16. At tinulungan ng lupa ang babae, at ibinuka ng lupa ang kanyang bibig, at nilulon ang baha na ibinuga ng dragon mula sa kanyang bibig.

17. Kaya nga, ang dragon ay nagalit sa babae, at humayo upang makidigma sa labi ng kanyang binhi, na tumutupad sa mga kautusan ng Diyos, at may patotoo kay Jesucristo.

**PJS, Apocalipsis 19:15, 21** (ihambing sa Apocalipsis 19:15, 21)

*(Ginagamit ng Diyos ang salita ni Cristo upang bagabagin ang mga bansa.)*

15. At mula sa kanyang bibig ay lumalabas ang salita ng Diyos, at sa pamamagitan nito ay babagabagin niya ang mga bansa; at kanyang paghaharian sila sa pamamagitan ng salita ng kanyang bibig; at kanyang yayapakan ang pisaan ng ubas sa kabangisan at kapootan ng Pinakamakapangyarihang Diyos.

21. At ang mga labi ay papatayin sa pamamagitan ng salita niya na nakaupo sa kabayo, na kung aling salita ay lumalabas mula sa kanyang bibig; at ang lahat ng ibon ay nangabusog sa kanilang mga laman.

# CRONOLOHIYA,
# MGA MAPA,
# AT MGA LARAWAN NG
# KASAYSAYAN NG
# SIMBAHAN

**1805, Ika-23 ng Disyembre**
Joseph Smith (1805–44) isinilang kina Joseph Smith Sr. at Lucy Mack Smith, Sharon, Vermont (tingnan sa JS—K 1:3).

**1820, Maagang Tagsibol**
Natanggap ni Propetang Joseph Smith ang Unang Pangitain sa isang kakahuyan sa mga Kabayanan ng Palmyra at Manchester, New York, malapit sa kanyang tahanan (tingnan sa JS—K 1:15–17).

**1823, Ika-21–22 ng Setyembre**
Dinalaw si Joseph Smith ni anghel Moroni at sinabi ang tungkol sa talaan na Aklat ni Mormon. Nakita ni Joseph ang mga laminang ginto na nakalagak sa isang malapit na burol (Cumorah) (tingnan sa JS—K 1:27–54).

**1827, Ika-22 ng Setyembre**
Tinanggap ni Joseph Smith ang mga laminang ginto mula kay Moroni sa Burol ng Cumorah (tingnan sa JS—K 1:59).

**1829, Ika-15 ng Mayo**
Iginawad ni Juan Bautista ang Pagkasaserdoteng Aaron kina Joseph Smith at Oliver Cowdery sa Harmony, Pennsylvania (tingnan sa D at T 13; JS—K 1:71–72).

**1829, Mayo**
Tinanggap nina Joseph Smith at Oliver Cowdery ang Pagkasaserdoteng Melquisedec mula kina Pedro, Santiago, at Juan malapit sa Ilog Susquehanna na nasa pagitan ng Harmony, Pennsylvania, at Colesville, New York (tingnan sa D at T 128:20).

**1829, Hunyo**
Natapos ang pagsasalin ng Aklat ni Mormon. Ipinakita sa Tatlong Saksi at sa Walong Saksi ang mga laminang ginto (tingnan sa 2 Ne. 11:3; 27:12–13; D at T 17).

**1830, Ika-26 ng Marso**
Makakukuha na ng mga unang limbag na sipi ng Aklat ni Mormon, Palmyra, New York.

**1830, Ika-6 ng Abril**
Itinatag ang Simbahan sa Kabayanan ng Fayette, New York.

**1830, Setyembre–Oktubre**
Tumawag ng unang mga misyonero na mangangaral sa mga Lamanita (mga Katutubong Amerikanong Indian) (tingnan sa D at T 28; 30; 32).

**1830, Disyembre–Enero 1831**
Inutusan ang mga Banal na magtipon sa Ohio (tingnan sa D at T 37; 38: 31–32).

**1831, Ika-20 ng Hulyo**
Inihayag ang pook para sa lunsod ng Sion (ang Bagong Jerusalem) sa Independence, Missouri kay Propetang Joseph Smith (tingnan sa D at T 57; S ng P 1:10).

**1833, Ika-18 ng Marso**
Sina Sidney Rigdon at Frederick G. Williams ay itinalaga bilang mga Tagapayo sa Panguluhan ng Simbahan (tingnan sa buod ng D at T 81) at pinagkalooban ng mga susi nitong huling kaharian (tingnan sa buod ng D at T 90; talata 6).

**1833, Ika-7 ng Nobyembre**
Nagsimulang magsitakas ang mga Banal mula sa mga mandurumog sa Jackson County, Missouri patawid ng Ilog Missouri at patungo sa Clay County.

**1834, Ika-5 ng Mayo**
Nilisan ni Pangulong Joseph Smith ang Kirtland, Ohio, patungo sa Missouri bilang pinuno ng Kampo ng Sion upang sumaklolo sa mga Banal na pinaalis sa Jackson County.

**1835, Ika-14 ng Pebrero**
Itinatag ang Korum ng Labindalawang Apostol, Kirtland, Ohio (tingnan sa D at T 107:23–24).

**1835, Ika-28 ng Pebrero**
Sinimulan ang pagtatag ng Unang Korum ng Pitumpu, Kirtland, Ohio.

**1835, Ika-17 ng Agosto**
Ang Doktrina at mga Tipan ay tinanggap bilang isang pamantayang banal na kasulatan ng Simbahan, Kirtland, Ohio.

**1836, Ika-27 ng Marso**
Inilaan ang Templo ng Kirtland (tingnan sa D at T 109).

**1836, Ika-3 ng Abril**
Nagpakita si Jesucristo kina Joseph Smith at Oliver Cowdery sa Templo ng Kirtland. Sina Moises, Elias, at Elijah ay nagpakita at iginawad ang mga susi ng pagkasaserdote (tingnan sa D at T 110).

**1837, Ika-19 ng Hulyo**
Si Heber C. Kimball at anim na iba pa ay dumating sa Liverpool, Inglatera, sa unang misyon ng Simbahan sa ibayong dagat.

**1838, Ika-26 ng Abril**
Ang pangalan ng Simbahan ay tiniyak sa pamamagitan ng paghahayag (tingnan sa D at T 115:4).

**1838, Ika-1 ng Disyembre**
Ibinilanggo si Propetang Joseph Smith at ang iba pa sa Piitan ng Liberty, Liberty,

Clay County, Missouri (tingnan sa D at T 121–123).

**1840, Ika-15 ng Agosto**
Ang pagbibinyag para sa mga patay ay hayagang ipinahayag ni Propetang Joseph Smith.

**1841, Ika-24 ng Oktubre**
Inilaan ni Elder Orson Hyde ang Banal na Lupain para sa pagbabalik ng mga anak ni Abraham (tingnan sa D at T 68:1–3; 124:128–129).

**1842, Ika-17 ng Marso**
Itinatag ang Samahang Damayan para sa mga kababaihan, Nauvoo, Illinois.

**1842, Ika-4 ng Mayo**
Ipinagkaloob ang unang buong endowment ng templo.

**1844, Ika-27 ng Hunyo**
Pagkakamartir kina Joseph Smith at Hyrum Smith sa Piitan ng Carthage (tingnan sa D at T 135).

**1846, Ika-4 ng Pebrero**
Sinimulang tawirin ng mga Banal na taga-Nauvoo ang Ilog Mississippi patungong kanluran. Ilan sa mga Banal na nagmula sa silangan ay naglayag mula sa New York City patungong California na lulan ng barkong *Brooklyn*.

**1846, Ika-16 ng Hulyo**
Tinawag ang Batalyon ng Mormon sa paglilingkod militar para sa Estados Unidos sa Iowa.

**1847, Abril**
Nilisan ng pangkat ng mga tagabunsod ni Pangulong Brigham Young ang Winter Quarters upang maglakbay patungong kanluran (tingnan sa D at T 136).

**1847, Ika-24 ng Hulyo**
Dumating si Pangulong Brigham Young sa Lambak ng Salt Lake.

**1847, Ika-27 ng Disyembre**
Sinang-ayunan sa kumperensya ng Simbahan sina Pangulong Brigham Young, Elder Heber C. Kimball, at Elder Willard Richards bilang Unang Panguluhan.

**1848, Mayo–Hunyo**
Sinira ng mga kerwe ang mga pananim sa Lambak ng Salt Lake. Naligtas ang mga sakahan mula sa ganap na pagkasira nang kainin ng kawan-kawan na mga seagull (ibong-dagat) ang mga kerwe.

**1849, Ika-9 ng Disyembre**
Itinatag ni Richard Ballantyne ang Panlinggung Paaralan.

**1850, Ika-15 ng Hunyo**
Ang *Deseret News* ay nagsimulang malathala sa Salt Lake City.

**1856, Oktubre**
Naantala ang mga Willie at Martin handcart company sa maagang pag-unos ng niyebe. Sila'y natagpuan ng pangkat na tagasagip na nagmula sa Lambak ng Salt Lake.

**1867, Ika-8 ng Disyembre**
Muling itinatag ang Samahang Damayan sa ilalim ng tagubilin ni Pangulong Brigham Young.

**1869, Ika-28 ng Nobyembre**
Itinatag ang Samahang Retrenchment (Pagsupil sa Kamunduhan) ng mga Dalagita, na siyang sinundan ng programang Mga Kabataang Babae.

**1875, Ika-10 ng Hunyo**
Itinatag ang Samahan para sa Mutwal na Pag-unlad ng Mga Kabataang Lalaki, na siyang sinundan ng programang Mga Kabataang Lalaki.

**1877, Ika-6 ng Abril**
Inilaan ang Templo ng St. George. Natanggap ni Pangulong Brigham Young ang paghahayag na isaayos ang samahan ng pagkasaserdote at mga istaka ng Sion.

**1878, Ika-25 ng Agosto**
Idinaos ni Aurelia Spencer Rogers ang unang pulong ng Primarya sa Farmington, Utah.

**1880, Ika-10 ng Oktubre**
Sinang-ayunan si John Taylor bilang Pangulo ng Simbahan. Ang Mahalagang Perlas ay tinanggap bilang isang pamantayang banal na kasulatan.

**1883, Ika-14 ng Abril**
Paghahayag kay Pangulong John Taylor tungkol sa samahan ng mga Pitumpu.

**1889, Ika-7 ng Abril**
Sinang-ayunan si Wilford Woodruff bilang Pangulo ng Simbahan.

**1890, Ika-6 ng Oktubre**
Sinang-ayunan ang "Manifesto" sa pangkalahatang kumperensya, na ipinahahayag ang pagtigil sa pagsasagawa ng maramihang pagpapakasal (tingnan sa OP—1).

**1893, Ika-6 ng Abril**
Inilaan ni Pangulong Wilford Woodruff ang Templo ng Salt Lake na 40 taong ginawa.

**1898, Ika-13 ng Setyembre**
Naging Pangulo ng Simbahan si Lorenzo Snow.

**1899, Ika-17 ng Mayo**
Nakatanggap si Pangulong Lorenzo Snow ng paghahayag sa St. George na nagbigay-inspirasyon sa kanya na bigyang-diin ang ikapu (tingnan sa D at T 119).

**1901, Ika-17 ng Oktubre**
Naging Pangulo ng Simbahan si Joseph F. Smith.

**1918, Ika-3 ng Oktubre**
Natanggap ni Pangulong Joseph F. Smith ang pangitain tungkol sa pagtubos sa mga patay (tingnan sa D at T 138).

**1918, Ika-23 ng Nobyembre**
Naging Pangulo ng Simbahan si Heber J. Grant.

**1936, Abril**
Sinimulan ang Programang Pangseguridad ng Simbahan upang tulungan ang mga maralita noong panahon ng Matinding Kahirapan; ito'y naging programang pangkapakanan ng Simbahan. Ito ay bunga ng isang paghahayag na noon ay natanggap ni Pangulong Heber J. Grant.

**1941, Ika-6 ng Abril**
Unang pagtawag sa mga kaagapay ng Labindalawa.

**1945, Ika-21 ng Mayo**
Naging Pangulo ng Simbahan si George Albert Smith.

**1951, Ika-9 ng Abril**
Sinang-ayunan si David O. McKay bilang Pangulo ng Simbahan.

**1961, Ika-30 ng Setyembre**
Si Elder Harold B. Lee, sa ilalim ng tagubilin ng Unang Panguluhan, ay nagpahayag na lahat ng programa ng Simbahan ay pag-uugnayin sa pamamagitan ng pagkasaserdote upang palakasin ang mag-anak at ang bawat indibidwal.

**1964, Oktubre**
Ang pagdaraos ng gabing pantahanan ng mag-anak ay muling binigyang-diin.

**1970, Ika-23 ng Enero**
Naging Pangulo ng Simbahan si Joseph Fielding Smith.

**1971, Enero**
Mga bagong magasin ng Simbahan—*Ensign, New Era,* at *Friend*—ay sinimulang ilathala.

**1972, Ika-7 ng Hulyo**
Naging Pangulo ng Simbahan si Harold B. Lee.

**1973, Ika-30 ng Disyembre**
Naging Pangulo ng Simbahan si Spencer W. Kimball.

**1975, Ika-3 ng Oktubre**
Ipinahayag ni Pangulong Spencer W. Kimball ang muling pagtatatag sa Unang Korum ng Pitumpu.

**1976, Ika-3 ng Abril**
Dalawang paghahayag ang idinagdag sa Mahalagang Perlas. Noong 1981, ang mga ito ay napagkasunduang maging D at T 137 at 138.

**1978, Ika-30 ng Setyembre**
Sinang-ayunan ng Simbahan ang paghahayag na nagkakaloob ng pagkasaserdote sa bawat karapat-dapat na kasaping lalaki nang walang pagsasaalang-alang sa lahi o kulay ng balat (tingnan sa OP—2).

**1979, Agosto**
Nalathala ang LDS na edisyon ng Biblia ni Haring Santiago na lakip ang mga pantulong sa pag-aaral.

**1981, Setyembre**
Ang mga bagong edisyon ng Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, Mahalagang Perlas ay nalathala sa wikang Ingles.

**1984, Hunyo**
Itinalaga ang mga Panguluhan ng Pook, na ang mga kasapi ay tinawag mula sa mga Pitumpu.

**1985, Ika-10 ng Nobyembre**
Naging Pangulo ng Simbahan si Ezra Taft Benson.

**1989, Ika-1 ng Abril**
Muling itinatag ang Pangalawang Korum ng Pitumpu.

**1994, Ika-5 ng Hunyo**
Naging Pangulo ng Simbahan si Howard W. Hunter.

**1995, Ika-12 ng Marso**
Naging Pangulo ng Simbahan si Gordon B. Hinckley.

**1995, Ika-1 ng Abril**
Ang posisyong kinatawan ng rehiyon ay itinigil. Pagpapahayag ng isang bagong posisyon sa pamumuno na tatawaging Awtoridad ng Pook.

**1995, Ika-23 ng Setyembre**
"Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" na mula sa Unang Panguluhan at Kapulungan ng Labindalawang Apostol ay nalathala.

**1997, Ika-5 ng Abril**
Oordenan ang mga Awtoridad ng Pook bilang mga Pitumpu. Ipinahayag ang Pangatlo, Pang-apat, at Panlimang Korum ng Pitumpu.

**1997, Ika-4 ng Oktubre**
Ipinahayag ni Pangulong Hinckley ang pagpapatayo ng mas maliliit na templo.

**1997, Nobyembre**
Umabot sa 10 milyon ang kasapi sa Simbahan.

**1998, Abril**
Ipinahayag ni Pangulong Hinckley ang layuning makapagbukas ng 100 templo sa pagsapit ng taong 2000.

Ang mga larawang ito ng mahahalagang pook ng kasaysayan ng Simbahan ay naglalarawan sa mga lupain kung saan nagsilakad ang mga naunang Banal sa mga Huling Araw, kung saan nanirahan at nangaral ang mga propeta ng makabagong panahon, at kung saan naganap ang marami sa mga pangyayari sa mga banal na kasulatan. Upang matulungan kayong magamit nang mas mabuti ang mga larawan sa inyong pag-aaral, ang bawat larawan ay nilakipan ng maikling paglalarawan. Ang bilang ng paglalarawan at pamagat ay ukol sa larawan na may gayon ding bilang at pamagat. Ang unang talata na kasunod ng pamagat ng paglalarawan ay ipinaliliwanag ang kaligiran ng larawan, kabilang ang mahahalagang bagay na mamasdan at kadalasan kung saang dako nakaharap ang kumukuha ng larawan. Ang mahahalagang pangyayari sa pook na iyon na nakasaad sa mga banal na kasulatan ay natatala, lakip ang mga sanggunian sa mga banal na kasulatan nang sa gayon ay malaman ninyo kung saan pa ninyo mababasa ang tungkol sa mga pangyayaring yaon.

**1. Banal na Kakahuyan**

Ang Banal na Kakahuyan ay matatagpuan sa mga Kabayanan ng Palmyra at Manchester, New York. Ang kakahuyang ito ay nasa dakong kanluran lamang ng maliit na trosong bahay ng mag-anak na Smith kung saan ito matatagpuan noong 1820.

*Mahalagang Pangyayari:* Naganap ang pagpapakita ng Diyos Ama at ng Kanyang Anak na si Jesucristo kay Propetang Joseph Smith sa kakahuyang ito (JS—K 1:14–20).

**2. Burol ng Cumorah at Dako ng Manchester-Palmyra**

Tumatanaw pahilaga, ipinakikita ng larawang ito ang Burol ng Cumorah, sa Manchester, New York. Ang burol ay makikita sa gawing ibaba sa kanang sulok ng larawan at bumabaybay nang kaunti higit sa kalahatian sa itaas ng larawan. Ang nakikitang puting bantayog sa dulong hilaga ng burol ay nagbibigay-parangal kay anghel Moroni at sa paglabas ng Aklat ni Mormon. Ang Burol ng Cumorah ay matatagpuan mga limang kilometro sa timog-silangan ng Banal na Kakahuyan. Malapit sa gawing itaas ng larawan ang Palmyra, may anim at kalahating kilometro ang layo. Ang bukid ng mga Smith at ang Banal na Kakahuyan ay nasa may gawing itaas sa kaliwang bahagi ng larawan.

*Mahahalagang Pangyayari:* Ang mag-anak ni Propetang Joseph Smith ay namuhay sa dakong ito noong panahon ng Unang Pangitain (JS—K 1:3). Noong A.D. 421, inilagak ni Moroni ang isang huwego ng mga laminang ginto sa Burol ng Cumorah na naglalaman ng banal na kasaysayan ng kanyang mga tao (S ni M 1:1–11; Morm. 6:6; Moro. 10:1–2). Ang Moroni ring ito ang nagsabi kay Joseph Smith kung saan matatagpuan ang mga lamina—sa dulong hilaga ng burol, sa gawing kanluran, malapit sa tuktok nito. Ibinigay ni Moroni ang mga ito sa kanya noong 1827 (D at T 27:5; 128:20; JS—K 1:33–35, 51–54, 59).

**3. Bahay na Yari sa Troso ni Joseph Smith Sr.**

Kopya ng tahanan ni Joseph Smith Sr., itinayo sa pook na kinatirikan ng orihinal na bahay na yari sa troso na malapit sa Palmyra, New York. Itinayo ng mag-anak na Smith ang orihinal na tahanan na may isa't kalahating palapag na pinagputul-putol na troso pagdating nila sa Palmyra.

*Mahahalagang Pangyayari:* Sa bahay na ito sinaliksik ni Propetang Joseph Smith ang Biblia sa kanyang pagsusumikap na malaman kung aling simbahan ang tama (JS—K 1:11–13). Nagpakita si Moroni kay Joseph at sinabi sa kanya ang tungkol sa laminang Aklat ni Mormon (JS—K 1:30–47).

**4. Imprentahan at Palimbagan ni Grandin**

Ang muling itinayong palimbagan ng makasaysayang gusali ni Egbert B. Grandin kung saan nilimbag ang mga unang sipi ng Aklat ni Mormon noong 1830. Isinangla ni Martin Harris ang kanyang bukid at ipinagbili ang bahagi nito upang ibayad sa halaga ng pagpapalimbag ng 5,000 sipi ng Aklat ni Mormon. Ang pagsasaayos sa mga makinilyadong titik ay nagsimula noong Agosto 1829, at ang mga nagawang sipi ay nakuha noong ika-26 ng Marso 1830.

*Mahalagang Pangyayari:* Inutusan si Martin Harris na malayang ibahagi ang kanyang ari-arian upang bayaran ang pagkakautang para sa pagpapalimbag ng Aklat ni Mormon (D at T 19:26–35).

**5. Ilog Susquehanna**

Ipinakikita ng larawang ito ang Ilog Susquehanna sa Kabayanan ng Harmony, Pennsylvania.

*Mahahalagang Pangyayari:* Unang nagtungo si Joseph Smith Jr. sa Harmony noong 1825 upang humanap ng mapapasukan. Siya at ang kanyang ama ay nangupahan malapit dito sa tahanan ni Isaac Hale, kung saan unang nakilala ni Joseph si Emma Hale, na kanyang mapapangasawa (JS—K 1:56–57). Ikinasal sina Joseph at Emma noong ika-18 ng Enero 1827. Natanggap ng Propeta ang mga laminang ginto noong ika-22 ng Setyembre

1827 sa Manchester, New York, at hindi nagtagal, kasama si Emma na lumipat sa Harmony, kung saan niya sinimulang isalin ang mga lamina sa maliit nilang tahanan na malapit sa ilog. Habang isinasalin ang Aklat ni Mormon, ninais nina Joseph at Oliver Cowdery na magkaroon ng dagdag na kaalaman tungkol sa pagbibinyag at naglakad patungong ilog upang manalangin sa Panginoon hinggil sa paksa. Bilang tugon sa panalanging ito, si Juan Bautista ay nagpakita noong ika-15 ng Mayo 1829 (JS—K 1:66–74; D at T 13). Iginawad niya ang Pagkasaserdoteng Aaron kina Joseph at Oliver. Pagkatapos, sila ay lumusong sa ilog na ito at bininyagan ang isa't isa para sa kapatawaran ng mga kasalanan. Pagkatapos, inutusan ni Juan Bautista sina Joseph at Oliver na ordenan ang bawat isa sa Pagkasaserdoteng Aaron. Di nagtagal, sina Pedro, Santiago at Juan ay nagpakita sa pampang ng ilog na ito at iginawad kina Joseph at Oliver ang Pagkasaserdoteng Melquisedec (D at T 27:12–13; 128:20).

## 6. Bahay na Yari sa Troso ni Peter Whitmer Sr.

Ang panibagong-tayong bahay na yari sa troso ni Peter Whitmer Sr., itinayo sa pundasyon ng orihinal na tahanan sa Fayette, New York.

*Mahahalagang Pangyayari:* Dito natapos ni Joseph Smith ang pagsasalin sa Aklat ni Mormon sa mga huling araw ng Hunyo ng 1829. Sa kakahuyang malapit sa tahanang ito, nakita ng Tatlong Saksi si anghel Moroni at ang mga laminang ginto. Ang kanilang patotoo ay nakalathala ngayon sa lahat ng sipi ng Aklat ni Mormon. Noong ika-6 ng Abril 1830, mga 60 katao ang nagtipon sa tahanan ni Peter Whitmer upang masaksihan ang pormal na pagtatatag ng Simbahan ni Jesucristo. Ang mga unang pulong at kumperensya ng bagong Simbahan ay dito ginanap. Dalawampu sa mga paghahayag na nilalaman ng Doktrina at mga Tipan ay natanggap sa tahanan ni Peter Whitmer.

### 7. Tindahan ni Newel K. Whitney at ng Kanyang mga Kasamahan

Malaki ang ginampanan ng tindahang ito sa kasaysayan ng Simbahan sa Kirtland. Pansamantalang nanirahan dito sina Joseph at Emma Smith. Ito ang naging punong-himpilan ng Simbahan noong 1832. Ang ilan sa mahahalagang paghahayag ay natanggap dito. Sa tindahan idinaos ang Paaralan ng mga Propeta mula ika-24 ng Enero 1833 hanggang sa ilang araw ng Abril 1833.

*Mahahalagang Pangyayari:* Natanggap ni Propetang Joseph Smith ang paghahayag na Salita ng Karunungan (D at T 89). Dito niya ginawa ang marami sa pagsasalin ng Biblia.

### 8. Tahanan ni John Johnson

Ang tahanan nina John at Alice Johnson ay matatagpuan sa Hiram, Ohio. Ang silid na ito ay nasa ikalawang palapag.

*Mahahalagang Pangyayari:* Ang Propetang Joseph Smith at ang kanyang asawa, si Emma, ay nanirahan sa tahanang ito. Natanggap nina Joseph at Sidney Rigdon ang kahanga-hangang pangitain ng mga antas ng kaluwalhatian sa harapan ng ilan pang katao noong ika-16 ng Pebrero 1832 (D at T 76). Isinagawa rin ni Propetang Joseph ang Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia (PJS) sa tahanang ito. Noong ika-24 ng Marso 1832, habang sina Joseph at Emma ay naninirahan dito, isang pangkat ng mga taong tumalikod sa katotohanan at anti-Mormon ang bumugbog nang matindi at naglagay ng alkitran at balahibo kina Joseph at Sidney.

### 9. Templo ng Kirtland

Ang Templo ng Kirtland ay matatagpuan sa Kirtland, Ohio.

*Mahahalagang Pangyayari:* Ang Templo ng Kirtland ang unang templong naitayo sa dispensasyong ito (D at T 88:119; 95). Sa templong ito, nakita ni Joseph Smith ang pangitain ng selestiyal na kaharian (D at T 137). Ito ay inilaan noong ika-27 ng Marso 1836 (D at T 109). Noong ika-3 ng Abril 1836, ang Tagapagligtas ay nagpakita at tinanggap ang templo bilang isang lugar na mapaghahayagan niya ng kanyang salita sa kanyang mga tao (D at T 110:1–10). Kasunod ng pagpapakitang ito, sina Joseph Smith at Oliver Cowdery ay nakatanggap ng mga dalaw mula kina Moises, Elias, at Elijah, silang lahat ay nagbigay sa kanila ng mga susi ng pagkasaserdote at mahalagang kaalaman (D at T 110:11–16). Ang templong ito ay nagsilbi sa mga Banal nang halos dalawang taon bago nila kinailangang iwanan ang Kirtland dahil sa pag-uusig.

### 10. Ang Lambak ng Adan-ondi-Ahman

Tumatanaw pasilangan sa kabilang ibayo ng lambak ng Adan-ondi-Ahman, isang tahimik at magandang lambak na matatagpuan sa hilagang-kanluran ng Missouri malapit sa komunidad ng Gallatin.

*Mahahalagang Pangyayari:* Tatlong taon bago siya namatay, tinawag ni Adan ang kanyang mga matwid na angkan sa lambak na ito at ipinagkaloob sa kanila ang kanyang huling pagbabasbas (D at T 107:53–56). Noong 1838, ang Adan-ondi-Ahman ang lugar ng paninirahan ng 500 hang-

gang 1,000 mga Banal sa mga Huling Araw. Iniwan ng mga Banal ang paninirahang ito nang sila ay paalisin sa Missouri. Bago ang Ikalawang Pagparito ni Cristo sa kaluwalhatian, si Adan at ang kanyang mga matwid na angkan, kabilang na rito ang mga Banal mula sa lahat ng dispensasyon, ay muling magtitipun-tipon sa lambak na ito upang makipagtagpo sa Tagapagligtas (Dan. 7:9–10, 13–14; D at T 27; 107:53–57; 116:1).

**11. Dakong Pagtatayuan ng Templo ng Far West**

Ang paninirahan sa Far West, Missouri, ay nagsilbing tahanan para sa 3,000 hanggang 5,000 mga Banal na naghanap ng kanlungan mula sa pag-uusig sa Jackson at Clay Counties. Noong ika-31 ng Oktubre 1838, dinakip si Propetang Joseph Smith at ang iba pang mga pinuno ng Simbahan at, matapos ang isang paglilitis sa Richmond, ay ikinulong sa Piitan ng Liberty. Noong taglamig ng 1838–39, pinaalis ang mga Banal sa mga Huling Araw sa Far West at sa iba pang dako sa Missouri at lumipat sa Illinois.

*Mahahalagang Pangyayari:* Isang dako para sa templo ang inilaan at ang mga batong panulok ay inilatag. Pitong paghahayag na nalathala sa Doktrina at mga Tipan ang natanggap (mga bahagi 113–115; 117–120). Si Joseph F. Smith, ang pang-anim na Pangulo ng Simbahan, ay isinilang noong ika-13 ng Nobyembre 1838 sa Far West. Ang Far West ay sandaling nagsilbing punong-himpilan ng Simbahan sa ilalim ng pamumuno ni Propetang Joseph Smith.

**12. Piitan ng Liberty**

Isang maliit na piitan na matatagpuan sa Liberty, Missouri. Si Joseph Smith at lima pang mga kapatid ay nabilanggo sa may 1.2 metrong (apat na talampakan) kapal ng mga pader nito mula ika-1 ng Disyembre 1838 hanggang ika-6 ng Abril 1839. (Si Sidney Rigdon ay pinalaya nang katapusan ng Pebrero.) Nakakulong sa ibabang bahagi o bartolina ng gusali, sila ay natulog sa malamig na sementong sahig na nalalatagan ng dayami na may kakaunting liwanag at proteksyon mula sa ginaw ng taglamig.

*Mahalagang Pangyayari:* Si Propetang Joseph, na nagsusumamo para sa libu-libong mga Banal sa mga Huling Araw na pinaalis sa Missouri, ay nakatanggap ng tugon sa kanyang panalangin, na isinulat niya sa isang liham sa mga Banal na ipinatapon (D at T 121–123).

**13. Bahay na Mansyon sa Nauvoo**

Lumipat si Joseph Smith Jr. at ang kanyang mag-anak sa Bahay na Mansyon sa Nauvoo noong Agosto 1843. Di nagtagal dinugtungan ang silangang bahagi ng pangunahing gusali para sa kabuuang 22 silid. Magmula noong Enero 1844, pinangasiwaan ni Ebenezer Robinson ang bahay bilang isang hotel, at pinanatili ng Propeta ang anim sa mga silid para sa kanyang mag-anak. Ang bahay ay halos nagsilbing sentrong panlipunan ng sambayanan ng Nauvoo. Matataas na pinuno ang tinanggap dito ng Propeta.

*Mahahalagang Pangyayari:* Noong ika-27 ng Hunyo 1844 si Propetang Joseph at ang kanyang kapatid na si Hyrum ay binaril at pinatay sa Carthage, Illinois, at dinala ang kanilang mga bangkay sa bahay na ito upang iburol bago ilibing. Sila ay inilibing sa isang maliit na lote ng mag-anak sa sementeryo na nasa kabilang panig lamang ng Kalyeng Main sa kanluran ng lumang tahanang yari sa troso kung saan nanirahan si Joseph nang una siyang dumating sa Nauvoo. Nanirahan si Emma Smith sa Bahay na Mansyon hanggang 1871. Pagkatapos siya ay lumipat sa Bahay ng Nauvoo, kung saan siya namatay noong 1879.

**14. Ang Tindahan ni Propetang Joseph Smith na Yari sa Pulang Laryo**

Ang panibagong-tayong tindahan at tanggapan ni Joseph Smith ay matatagpuan sa Nauvoo, Illinois. Isa ito sa pinakamahalagang gusali ng Simbahan noong panahon ng Nauvoo. Hindi lamang ito nagsilbing pangkalahatang tindahan, ito rin ay naging sentro ng gawaing panlipunan, pang-ekonomiya, pampulitika, at pangrelihiyon. Ang tanggapan ni Joseph Smith ay nasa ikalawang palapag.

*Mahahalagang Pangyayari:* Bago natapos ang templo, ang silid sa itaas ng tindahan ay ginamit na silid pang-ordenansa, kung saan ibinigay ang mga unang buong endowment. Noong ika-17 ng Marso 1842, tinipon ni Propetang Joseph ang kababaihan ng Simbahan at itinatag ang Samahang Damayan.

**15. Templo ng Nauvoo**

Ang eskalang modelong ito ng Templo ng Nauvoo ay matatagpuan sa pook ng orihinal na templo. Ang templo ay itinayo mula sa lokal na limestone na kulay abuhin. Ang sukat ng gusali ay 39 metro ang haba at 27 metro ang lapad. Ang tuktok ng tore ay may taas na 48 metro mula sa lupa. Dumanas ng matitinding sakripisyo ang mga kasapi ng Simbahan upang maitayo ang magandang templong ito, na sinimulang gawin noong 1841. Ang ilan ay gumawa sa gusali sa loob ng maraming buwan; ang iba'y inihandog ang kanilang salapi. Bagaman hindi pa ganap na tapos, ang templo ay napupuno ng mga kasapi

na nagtutungo roon para sa mga ordenansa noong mga buwan bago sila nagsilikas patungong Kanluran. Samantalang marami sa mga Banal ang nagsilisan sa Nauvoo noong maagang tagsibol ng 1846 dahil sa bantang karahasan ng mga mandurumog, isang natatanging pangkat ang naiwan upang tapusin ang templo. Noong ika-30 ng Abril 1846, sina Elder Orson Hyde at Wilford Woodruff at mga 20 iba pa ay inilaan ito bilang bahay ng Panginoon. Ang templo ay iniwan sa buwan ng Setyembre nang palayasin sa Nauvoo ang mga nalalabing kasapi ng Simbahan; pagkaraan ay nilapastangan at dinumihan ng mga mandurumog ang banal na gusali. Ito ay natupok ng apoy noong Oktubre 1848.

*Mahahalagang Pangyayari:* Ginanap ang pangkalahatang kumperensya sa silid-pulungan ng templo noong ika-5 ng Oktubre 1845. Ang gawain ng endowment ay nagsimula noong ika-10 ng Disyembre 1845 at nagpatuloy hanggang ika-7 ng Pebrero 1846. Mahigit sa 5,500 mga Banal sa mga Huling Araw ang tumanggap ng kanilang endowment, at maraming pagbibinyag para sa mga patay at pagbubuklod ang naisagawa.

### 16. Piitan ng Carthage

Ang bahay-piitan sa bayan ng Carthage, Illinois.

*Mahahalagang Pangyayari:* Si Joseph Smith at ang kanyang kapatid na si Hyrum ay dinala patungong Carthage noong ika-24 ng Hunyo 1844. Ipinasok sila sa piitang ito noong ika-25 ng Hunyo sa mga maling paratang na pagtataksil. Noong ika-27 ng Hunyo isang pangkat ng mandurumog na may mga 100 kalalakihan na napipinturahang itim ang mga mukha ang lumusob sa piitan. Sina Joseph at Hyrum ay kapwa binaril at napatay, at si John Taylor ay nasugatan nang maraming ulit. Hindi kapani-paniwala, si Willard Richards ay hindi nasugatan. Di naglaon isinulat ni John Taylor ang inspiradong pagsasaalaala na ngayon ay matatagpuan sa Doktrina at mga Tipan 135.

### 17. Exodo Patungong Kanluran

Ang simula ng paglikas sa Nauvoo, Illinois, ay naiplano ng Marso–Abril, ngunit dahil sa mga banta ng mga mandurumog si Pangulong Brigham Young ay nag-utos na simulan ang exodo ng mga Banal patawid ng Ilog Mississippi noong ika-4 ng Pebrero 1846. Naiwan si Pangulong Young upang pangasiwaan ang mga endowment ng mga Banal at hindi umalis ng Nauvoo hanggang sa kalahatian ng Pebrero.

*Mahahalagang Pangyayari:* Bago ang kanyang kamatayan si Propetang Joseph Smith ay nagpropesiya, "Ang ilan sa inyo ay mabubuhay upang humayo at tumulong sa paggawa ng mga pamahayan at magtayo ng mga lunsod at makikita ang mga Banal na magiging isang malakas na bansa sa gitna ng Rocky Mountains." Halos 12,000 mga Banal ang umalis sa Nauvoo mula Pebrero hanggang Setyembre 1846. Matapos lisanin ng mga Banal ang Winter Quarters at pagkaraan ay iba pang mga lugar, sila ay binuo sa mga samahan na tig-sasampu, tig-lilimampu, at tig-iisandaan sa ilalim ng isang kapitan ng samahan (D at T 136:3). Noong Setyembre 1846 may mga mandurumog na humigit-kumulang sa 800 kalalakihan na nasasandatahan ng anim na kanyon ang lumusob sa Nauvoo. Makalipas ang ilang araw na paglalabanan, ang mga nalalabing Banal ay napilitang sumuko upang iligtas ang kanilang mga buhay at magkaroon ng pagkakataong tumawid ng ilog. Lima hanggang anim na raang kalalakihan, kababaihan, at mga bata ang tumawid ng ilog at humimpil sa tabing ilog. Nagpadala si Pangulong Brigham Young ng mga pangkat na tagasagip na may dalang mga panustos upang ilikas ang mga "kaawa-awang Banal" na ito.

### 18. Templo ng Salt Lake

Mga ilang araw makaraang pumasok ang unang pangkat ng mga tagabunsod na mga Banal sa mga Huling Araw sa Lambak ng Salt Lake, hinampas ni Pangulong Brigham Young ang kanyang tungkod sa lupa at nagpahayag, "Dito natin itatayo ang templo ng ating Diyos." Pinasimulan ang pagtatayo noong ika-14 ng Pebrero 1853. Noong ika-6 ng Abril 1853, inilagay ang mga batong panulok. Ang templo ay natapos at inilaan makalipas ang 40 taon noong ika-6 ng Abril 1893. Ang Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol ay nagpupulong dito linggu-linggo upang pag-usapan at hingin ang tagubilin ng Panginoon hinggil sa pangangasiwa at pagtatayo ng kaharian ng Diyos.

*Mahahalagang Pangyayari:* Dito binigyan ng Panginoon ang mga Pangulo ng Simbahan at iba pang mga Pangkalahatang Awtoridad ng pagbuhos ng diwa ng paghahayag, kabilang na ang Opisyal na Pahayag—2. Kamakailan lamang, ang Unang Panguluhan at ang Kapulungan ng Labindalawang Apostol ay buong pagkakaisang pinagtibay at pinalathala ang "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo." Ang mga ordenansang pang-templo na isinasagawa kapwa para sa mga buhay at patay ay nagpapala sa milyun-milyong buhay.

Abuhan, Kirtland, 4:B3
Adan-ondi-Ahman, Missouri, 5:D3
Africa, 7:E2
Albany, New York, 1:C3
Amerika, Gitnang, 7:B2
Amerika, Hilagang, 7:B2
Amerika, Timog, 7:C3
Amherst, Ohio, 3:C4
Antarctica, 7:E4
Arkansas, Ilog, 6:D3
Armington Schoolhouse, Daang, dakong Palmyra, 2:D3
Asia, 7:F2
Atlantico, Dagat, 1:D4, 6:H2
Atlantico, Hilagang Dagat, 7:D2
Atlantico, Timog ng Dagat, 7:D4
Australia, 7:G3

Banal na Kakahuyan, dakong Palmyra, 2:B3
Bangko, Kirtland, 4:B4
Boston, Massachusetts, 1:D3
Buffalo, New York, 3:E2

California, 6:A3
California, Landas sa, 6:B2
Canada, 1:C1, 3:C3, 3:D2, 6:F1
Canada, Ilog, 6:D3
Canandaigua, Daang, dakong Palmyra, 2:C3
Carthage, Illinois, 5:G2
Chagrin, Ilog, Silangang Sangay, Kirtland, 4:B1
Chariton, Ilog, Missouri, 5:E2
Chillicothe, Daang, Kirtland, 4:B4
Cleveland, Ohio, 3:C4
Colesville, New York, 1:B3, 3:H3
Connecticut, 1:C3
Connecticut, Ilog, 1:D1
Council Bluffs (Kanesville), Iowa, 5:C1, 6:E2
Cowdery, Kalyeng, Kirtland, 4:A3
Cumorah, Burol ng, dakong Palmyra, 2:C4

Dam, Kirtland, 4:B2
Delaware, Ilog, 1:B4
DeWitt, Missouri, 5:E3

Erie, Kanal ng, New York, 2:B2, 3:F1
Erie, Lawa ng, 3:C3
Europa, 7:E1

Far West, Missouri, 5:D3, 6:E2
Farmington, Kabayanan ng, dakong Palmyra, 2:A4
Fayette, New York, 1:A3, 3:G2, 6:G1
Finger, Mga Lawa ng, New York, 1:A3, 3:G2
Fishing, Ilog, Missouri, 5:D3
Fort Bridger, 6:C2
Fort Hall, 6:B1
Fort Laramie, 6:C2
Fort Leavenworth, 5:D4, 6:E2
Fox, Daang, dakong Palmyra, 2:A3
Freedom, New York, 3:F2

Gallatin, Missouri, 5:D3
Garden Grove, Iowa, 5:D2
Gila, Ilog, 6:B4
Gilingan ng Butil, Kirtland, 4:B2
Gilingan ni Haun, Missouri, 5:D3
Gilsum, New Hampshire, 1:D2
Grand, Ilog, Missouri, 5:D2
Grandin, E. B., Palimbagan ni, Palmyra, 2:C2
Great Salt Lake, 6:B2

Harmony, Pennsylvania, 1:B3, 3:H3
Harris, Martin, Bukid ni, dakong Palmyra, 2:B1
Harris, Martin, Tahanan ni, Kirtland, 4:D4
Hathaway, Batis ng, dakong Palmyra, 2:B2, 2:D4
Hiram, Ohio, 3:C4
Hudson, Ilog, New York, 1:C3
Huron, Lawa ng, 3:C1

Illinois, 5:G3, 6:F2
Independence, Missouri, 5:D4, 6:E2
India, Dagat ng, 7:F3
Indian, Teritoryo ng, 5:B2, 6:C1, 6:D3
Indiana, 6:F2
Iowa, 5:E1, 6:E2

Jackson County, Missouri, 5:D4
Johnson, John, Bahay-panulu-yan ni, Kirtland, 4:B2
Joseph, Kalyeng, Kirtland, 4:A4

Kirtland, Ohio, 3:C3, 6:F2
Kirtland, Templo ng, 4:B4
Knight, Joseph Sr., Tahanan ni, Kabayanan ng Colesville, New York, 3:H3
Knight, Vinson, Tahanan ni, Kirtland, 4:A4
Kultihan, Kirtland, 4:B2

Lagarian, Kirtland, 4:B2
Laryo, Pagawaan ng, Kirtland, 4:A2
Lebanon, New Hampshire, 1:D2
Liberty, Missouri, 5:D4, 6:E2
Los Angeles, 6:A3

Macedon, Kabayanan ng, dakong Palmyra, 2:A1
Maine, 1:D2
Manchester, Kabayanan ng, New York, 1:A3, 2:D3, 3:F2
Markell, Daang, Kirtland, 4:A2
Massachusetts, 1:C3
McIlwaine's Bend, Missouri, 5:E3

Mendon, New York, 3:F2
Mexico, 6:B3
Mississippi, Ilog, 5:G3
Missouri, 5:F3, 6:E3
Missouri, Ilog, 5:C2, 5:F4
Montrose, Iowa, 5:F2
Morley, Isaac, Bukid ni, Kirtland, 4:D1

Nauvoo, Illinois, 5:F2, 6:E2
New Hampshire, 1:D2
New Jersey, 1:B4
New York, 1:B3, 3:F3, 6:G1
New York City, 1:C4, 6:G1
Norwich, Vermont, 1:D2

Ohio, 3:B4, 6:F2
Ontario County, New York, 2:A3, 2:C3
Ontario, Lawa ng, 1:A2, 3:E1
Orange, Ohio, 3:C4
Oregon, Teritoryo ng, 6:A1

Paaralan, Kirtland, 4:B3
Pacifico, Dagat, 6:A1, 7:A3
Pacifico, Hilagang Dagat, 7:A2, 7:H2
Pacifico, Timog ng Dagat, 7:A4
Palmyra, Kabayanan ng, New York, 1:A3, 2:D1, 3:F2
Palmyra, Nayon ng, New York, 2:C2
Pecos, Ilog, 6:C4
Pennsylvania, 1:B3, 3:E3, 6:G2
Perrysburg, New York, 3:E2
Philadelphia, Pennsylvania, 1:B4, 6:G2
Pisgah, Bundok ng, Iowa, 5:D1
Platte, Hilaga ng Ilog, 6:C2
Platte, Ilog, 5:B1
Platte, Timog ng Ilog, 6:C2
Pook ng Pagbibinyag, Kirtland, 4:B2
Pratt, Parley P., Tahanan ni, Kirtland, 4:A3
Pueblo, 6:C3
Pulang Sapa, dakong Palmyra, 2:D2

Quincy, Illinois, 5:F2, 6:E2

Ramus, Illinois, 5:G2
Rhode Island, 1:D3
Richmond, Missouri, 5:D4
Rigdon, Sidney, Tahanan ni, Kirtland, 4:B4
Rio Grande, Ilog, 6:C4
Rochester, New York, 3:F1

Sacramento, 6:A2
Salem, Massachusetts, 1:D3
Salt Lake City, 6:B2
San Bernardino, 6:B3
San Diego, 6:A4
San Francisco, 6:A2
San Luis Rey, Misyon ng, 6:A4
Santa Fe, 6:C3
Sementeryo, Kirtland, 4:B3
Sharon, Vermont, 1:C2
Shoal, Sapa ng, Missouri, 5:D3
Smith, Alvin, Pook na Pinaglibingan kay, Palmyra, 2:C2
Smith, Hyrum, Tahanan ni, Kirtland, 4:B4
Smith, Joseph Jr., Tindahang Sari-sari ni, Kirtland, 4:B3
Smith, Joseph Jr., Tindahang Sari-sari, 3:H3, 4:B3
Smith, Joseph Sr., Bukid ni, dakong Palmyra, 2:B3
Smith, Joseph Sr., Tahanang Yari sa Kahoy ni, dakong Palmyra, 2:B3
Smith, Joseph Sr., Tahanang Yari sa Troso ni, dakong Palmyra, 2:B3
Snake, Ilog, 6:B1
South Bainbridge, New York, 3:H3
Springfield, Illinois, 5:H2
St. Louis, Missouri, 5:H4
Stafford, Daang, dakong Palmyra, 2:B4
Susquehanna, Ilog, Pennsylvania, 1:A4, 3:G3

Tanggapan ng Palimbagan, Kirtland, 4:B4
Thompson, Ohio, 3:D3
Topsfield, Massachusetts, 1:D3
Toronto, Canada, 3:E1
Tucson, 6:B4
Tunbridge, Vermont, 1:C2

Vermont, 1:C2

Washington, D.C., 6:G2
Wayne County, New York, 2:A3, 2:C2
Whitingham, Vermont, 1:C3
Whitney, Kalyeng, Kirtland, 4:A3
Whitney, Newel K., Tahanan ni, Kirtland, 4:B2
Whitney, Newel K., Tindahan ni, Kirtland, 4:B2
Winter Quarters, Teritoryo ng Indian, 5:B1, 6:E2

Ang mga sumusunod na mapa ay makatutulong sa inyo upang higit na maunawaan ang maagang kasaysayan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at ang mga banal na kasulatang inihayag sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith at ng mga sumunod sa kanya. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kaalaman sa heograpiya ng mga lupaing tinatalakay sa mga banal na kasulatan, higit ninyong mauunawaan ang mga pangyayari sa banal na kasulatan.



1. HILAGANG-SILANGAN NG ESTADOS UNIDOS
2. PALMYRA-MANCHESTER, 1820–31
3. ANG MGA DAKO NG NEW YORK, PENNSYLVANIA, AT OHIO SA ESTADOS UNIDOS NG AMERIKA
4. KIRTLAND, OHIO, 1830–38
5. ANG MGA DAKO NG MISSOURI, ILLINOIS, AT IOWA SA ESTADOS UNIDOS NG AMERIKA
6. ANG PAKANLURANG PAGKILOS NG SIMBAHAN
7. MAPA NG DAIGDIG


Ang alpabetikong talatuntunan ng mga pangalan ng lugar ay makatutulong sa inyo na matagpuan ang isang lugar sa mga mapa. Napapaloob sa bawat tala ang bilang ng mapa na sinusundan ng sanggunian na binubuo ng pinagsamang titik-bilang. Halimbawa, ang kinaroroonan ng Fort Hall ay ibinigay bilang 6:B1; ito nga ay, mapa 6, parisukat B1. Matutukoy ninyo ang mga tiyak na parisukat sa bawat mapa sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga pagtutugma sa itaas at gilid ng mapa. Ang mga iba pang katawagan sa mga lugar ay nasusulat sa loob ng mga panaklong; halimbawa, Council Bluffs (Kanesville).

Ang mga sumusunod ay susi sa pag-unawa sa iba't ibang tanda at titik na ginamit sa mga mapa. Bilang karagdagan, ang bawat mapa ay nalalakipan ng mga susing paliwanag sa mga dagdag na tanda na nauukol lamang sa mismong mapang iyon.

● Isang pulang tuldok ang sumasagisag sa isang lunsod o bayan. Isang guhit ang paminsan-minsang nakaturo magmula sa tuldok sa pangalan ng lunsod o lugar.


| | |
|---|---|
| *Dagat Atlantico* | Ang titik na ito ay ginagamit upang pangalanan ang mga heograpikong lugar, tulad ng mga karagatan, lawa, ilog, kabundukan, ilang, lambak, disyerto, at pulo. |
| Palmyra | Ang titik na ito ay ginagamit para sa lahat ng lunsod at bayan. |
| NEW YORK | Ang titik na ito ay ginagamit para sa maliliit na pagkakahating politikal, tulad ng mga rehiyon, at mga estado at teritoryo ng Estados Unidos ng Amerika. |
| C A N A D A | Ang titik na ito ay ginagamit para sa malalaking pagkakahating politikal, tulad ng mga bansa, bayan, at lupalop. |




1. **Topsfield** Ang lugar ng kapanganakan ni Joseph Smith Sr., isinilang noong ika-12 ng Hulyo 1771.
2. **Gilsum** Dito isinilang si Lucy Mack, ika-8 ng Hulyo 1775.
3. **Tunbridge** Dito ikinasal sina Joseph Smith Sr. at Lucy Mack, ika-24 ng Enero 1796.
4. **Whitingham** Ang lugar ng kapanganakan ni Brigham Young, isinilang noong ika-1 ng Hunyo 1801.
5. **Harmony** Isinilang si Emma Hale sa Kabayanan ng Harmony, ika-10 ng Hulyo 1804.
6. **Sharon** Dito isinilang si Joseph Smith Jr., ika-23 ng Disyembre 1805 (tingnan sa JS—K 1:3).
7. **Lebanon** Ang mag-anak na Smith ay nanirahan sa Kabayanan ng Lebanon magmula 1811 hanggang 1813, noong panahong iyon makailang beses dumanas ng operasyon sa binti si Joseph Smith Jr.
8. **Norwich** Ang mag-anak na Smith ay nanirahan dito magmula 1814 hanggang 1816 bago lumipat sa Palmyra.
9. **Palmyra** Dito lumipat ang mag-anak na Smith noong 1816 (tingnan sa JS—K 1:3).

## PALMYRA-MANCHESTER, 1820–31

**MAPA 2**




1. **Tahanang Yari sa Troso ni Joseph Smith Sr.** Nagpakita si anghel Moroni kay Joseph Smith sa silid sa itaas ng tahanang ito noong ika-21–22 ng Setyembre 1823 (tingnan sa JS—K 1:29–47).
2. **Bukid ni Joseph Smith Sr.** Ang 4.7-ektaryang bukid na ito ay nilinang ng mag-anak na Smith magmula 1820 hanggang 1829.
3. **Banal na Kakahuyan** Sa kakahuyang ito naganap ang Unang Pangitain ni Joseph Smith Jr. noong maagang tagsibol ng 1820 (tingnan sa JS—K 1:11–20).
4. **Tahanang Yari sa Kahoy ni Joseph Smith Sr.** Sinimulang gawin ang tahanang ito noong 1822 ni Alvin Smith at tinirahan ng mag-anak na Smith magmula 1825 hanggang 1829.
5. **Burol ng Cumorah** Dito ibinigay ni anghel Moroni kay Propetang Joseph Smith ang mga laminang ginto noong ika-22 ng Setyembre 1827 (tingnan sa JS—K 1:50–54, 59).
6. **Bukid ni Martin Harris** Isinangla ang bukid na ito at ipinagbili ang bahagi nito upang ibayad para sa pagpapalimbag ng Aklat ni Mormon.
7. **Palimbagan ni E. B. Grandin** 5,000 sipi ng Aklat ni Mormon ang nilimbag dito noong 1829–30.
8. **Batis ng Hathaway** Sa batis na ito isinagawa ang ilang unang pagbibinyag sa Simbahan.

# ANG MGA DAKO NG NEW YORK, PENNSYLVANIA, AT OHIO SA ESTADOS UNIDOS NG AMERIKA


**MAPA 3**




1. **Timog Bainbridge** Dito ikinasal sina Joseph Smith Jr. at Emma Hale noong ika-18 ng Enero 1827 (tingnan sa JS—K 1:57).
2. **Colesville** Ang unang sangay ng Simbahan ay itinatag sa tahanan ni Joseph Knight Sr., sa Kabayanan ng Colesville noong 1830.
3. **Tahanan ni Joseph Smith Jr. sa Harmony** Ang karamihan sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon ay natapos dito. Sa mga pampang ng Ilog Susquehanna pinanumbalik ang pagkasaserdote noong 1829 (tingnan sa D at T 13; 128:20; JS—K 1:71–72).
4. **Fayette** Nakita ng Tatlong Saksi ang mga laminang ginto at si anghel Moroni (D at T 17). Dito natapos ang pagsasalin ng Aklat ni Mormon noong Hunyo 1829. Dito itinatag ang Simbahan noong ika-6 ng Abril 1830 (tingnan sa D at T 20; 21).
5. **Mendon** Unang bayan nina Brigham Young at Heber C. Kimball.
6. **Kirtland** Ang mga misyonerong isinugo sa mga Lamanita ay tumigil dito noong 1830 at bininyagan si Sidney Rigdon at ang iba pa sa pook ng Kirtland. Ito ang naging punong-himpilan ng Simbahan magmula 1831 hanggang 1838. Ang unang templo ng dispensasyong ito ay itinayo sa Kirtland at inilaan noong ika-27 ng Marso 1836 (tingnan sa D at T 109).
7. **Kanal ng Erie** Ang tatlong sangay ng Simbahan sa New York ang nandayuhan sa Kirtland, Ohio sa pamamagitan ng pagdaan sa Kanal ng Erie at Lawa ng Erie noong Abril at Mayo 1831.
8. **Hiram** Dito nanirahan sina Joseph at Emma magmula Setyembre 1831 hanggang Setyembre 1832. Isinagawa nina Joseph at Sidney Rigdon ang Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia (PJS). Mga paghahayag na natanggap dito: D at T 1, 65, 67, 68, 69, 71, 73, 74, 76, 77, 79, 80, 81, 99, 133.
9. **Amherst** Sinang-ayunan si Joseph Smith bilang Pangulo ng Mataas na Pagkasaserdote noong ika-25 ng Enero 1832 (tingnan sa D at T 75).
10. **Toronto** Bayan ni John Taylor, pangatlong Pangulo ng Simbahan, at ni Mary Fielding Smith, asawa ni Hyrum Smith.

# KIRTLAND, OHIO, 1830–38

**MAPA 4**





1. **Tahanan ni Newel K. Whitney** Nanirahan dito sina Joseph at Emma nang ilang linggo matapos ang una nilang pagtungo sa Kirtland noong 1831.
2. **Bukid ni Isaac Morley** Nanirahan dito sina Joseph at Emma Smith magmula Marso hanggang Setyembre 1831. Ang mga unang mataas na saserdote ay dito inordenan. Isinagawa ni Joseph ang Pagsasalin ni Joseph Smith (PJS).
3. **Tindahan ni Newel K. Whitney** Dito ipinagkaloob sa Unang Panguluhan ng Simbahan ang mga susi ng kaharian. Dito unang idinaos ang Paaralan ng mga Propeta. Ang PJS ay halos matatapos na rito noong 1833. Dito nanirahan sina Joseph at Emma magmula 1832 hanggang 1833. Maraming natanggap na paghahayag si Joseph dito.
4. **Bahay-panuluyan ni John Johnson** Dito tinawag si Joseph Smith Sr. bilang unang Patriyarka sa Simbahan noong 1833. Narito sa bahay-panuluyan ang unang tanggapan ng palimbagan sa Kirtland. Dito nilimbag ang *The Evening and the Morning Star* matapos mawasak ang palimbagan sa Jackson County, Missouri. Magmula rito ay nagsilisan ang Labindalawang Apostol noong ika-4 ng Mayo 1835 para sa kanilang mga unang misyon.
5. **Tahanan ni Joseph Smith Jr.** Dito nanirahan sina Joseph at Emma magmula 1834 hanggang 1837. Ang pagsasalin ng aklat ni Abraham ay sinimulan.
6. **Tanggapan ng Palimbagan** Ang *Lectures on Faith* ay tinalakay sa gusaling ito. Dito tinawag at inordenan ang Labindalawang Apostol at ang Unang Korum ng Pitumpu. Ang Doktrina at mga Tipan (unang edisyon), Aklat ni Mormon (pangalawang edisyon), *The Evening and the Morning Star, Latter Day Saints' Messenger and Advocate,* at ang mga unang labas ng *Elders' Journal* ay nilimbag dito.
7. **Templo ng Kirtland** Ang templong ito ang una sa dispensasyong ito. Si Jesucristo ay nagpakita at tinanggap ang templo. Sina Moises, Elias, at Elijah ay nagpakita at ipinanumbalik ang mga tunay na susi ng pagkasaserdote (tingnan sa D at T 110). Dito rin idinaraos ang Paaralan ng mga Propeta. Mga paghahayag na natanggap dito: D at T 109, 110, 137.

**Kirtland** (mga hindi matukoy na lugar) Noong ika-17 ng Agosto 1835 ang Doktrina at mga Tipan ay pinagtibay bilang banal na kasulatan. Kabilang sa mga paghahayag na natanggap sa Kirtland ang D at T 41–50, 52–56, 63–64, 102–104, 106–110, 134, at 137. Tinukoy ng Bahagi 104 ang mga tiyak na ari-ariang ibinigay bilang mga pangangasiwaan ng mga kasapi ng Simbahan na kabilang sa nagkakaisang orden (tingnan sa mga talata 19–46).

## ANG MGA DAKO NG MISSOURI, ILLINOIS, AT IOWA SA ESTADOS UNIDOS NG AMERIKA

**MAPA 5**




1. **Independence** Tinukoy bilang tampok na lugar ng Sion (tingnan sa D at T 57:3). Isang pook para sa templo ang inilaan noong ika-3 ng Agosto 1831. Ang mga Banal ay pinaalis dito noong 1833.
2. **Ilog Fishing** Si Joseph Smith at ang Kampo ng Sion ay naglakbay mula Kirtland, Ohio, patungong Missouri noong 1834 upang ibalik ang mga Banal na taga-Jackson County sa kanilang lupain. Ang D at T 105 ay inihayag sa mga pampang ng ilog na ito.
3. **Far West** Ito ang pinakamalaking paninirahan ng mga Mormon sa Missouri. Isang pook para sa isang templo ang inilaan sa lugar na ito (tingnan sa D at T 115). Noong ika-8 ng Hulyo 1838, ang Korum ng Labindalawang Apostol ay nakatanggap ng tawag mula sa Panginoon na magsipagmisyon sila sa mga Isla ng Britania (tingnan sa D at T 118).
4. **Adan-ondi-Ahman** Tinukoy ng Panginoon ang lugar na ito sa dakong itaas ng Missouri bilang pook kung saan magaganap ang isang malaking pagtitipon sa hinaharap sa pagdating ni Jesucristo upang makipagkita kay Adan at sa kanyang mga matwid na angkan (tingnan sa D at T 78:15; 107:53–57; 116).
5. **Piitan ng Liberty** Si Joseph Smith at ang iba pa ay hindi makatwirang ibinilanggo rito magmula Disyembre 1838 hanggang Abril 1839. Sa gitna ng panahon ng kaguluhan para sa Simbahan, nanawagan si Joseph sa Panginoon upang humingi ng tagubilin at natanggap ang D at T 121–123.
6. **Nauvoo** Matatagpuan sa Ilog Mississippi, ang pook na ito ang lugar kung saan nagtitipon noon ang mga Banal magmula 1839 hanggang 1846. Isang templo ang itinayo rito, at ang mga ordenansa gaya ng pagbibinyag para sa mga patay, ang endowment, at ang pagbubuklod ng mga mag-anak ay sinimulan. Dito itinatag ang Samahang Damayan noong 1842. Kabilang sa mga paghahayag na natanggap ang D at T 124–129.
7. **Carthage** Pagkakamartir dito ni Propetang Joseph Smith at ng kanyang kapatid na si Hyrum noong ika-27 ng Hunyo 1844 (tingnan sa D at T 135).
8. **Winter Quarters** Ang punong-himpilang paninirahan para sa mga Banal (1846–48) sa pagtungo sa Lambak ng Salt Lake. Binuo ang Kampo ng Israel para sa pakanlurang paglalakbay (tingnan sa D at T 136).
9. **Council Bluffs** (Kanesville) Dito sinang-ayunan ang Unang Panguluhan noong ika-27 ng Disyembre 1847, si Brigham Young bilang Pangulo.





1. **Fayette** Nilisan ni Propetang Joseph Smith ang Fayette patungong Kirtland, Ohio, noong Enero 1831. Ang tatlong sangay sa New York ay sumunod noong Abril at Mayo 1831 sa ilalim ng utos ng Panginoon na magtipon (tingnan sa D at T 37; 38).
2. **Kirtland** Ang punong-himpilan ng Simbahan magmula ika-1 ng Pebrero 1831 hanggang ika-12 ng Enero 1838, nang magtungo ang Propeta sa Far West, Missouri.
3. **Independence** Tinukoy ng Panginoon ang Independence (sa Jackson County, Missouri) bilang tampok na lugar ng Sion noong Hulyo 1831 (tingnan sa D at T 57:3). Sapilitang pinaalis ng mga mandurumog ang mga Banal sa Jackson County noong Nobyembre 1833.
4. **Liberty** Ang mga Banal na mula Jackson County ay nagtipon sa Clay County magmula 1833 hanggang 1836, nang sila ay muling kailanganing magsialis. Dito ibinilanggo si Propetang Joseph Smith at ang iba pa.
5. **Far West** Isang kanlungan ang itinayo rito para sa mga Banal magmula 1836–38. Ito ang naging punong-himpilan ng Simbahan noong 1838. Noong 1838–39, ang mga Banal ay napilitang magsilikas patungong Illinois.
6. **Nauvoo** Ang punong-himpilan ng Simbahan magmula 1839–46. Matapos ang pagkakamartir sa Propeta at sa kanyang kapatid na si Hyrum, ang mga Banal ay nagsikilos patungong kanluran.
7. **Council Bluffs** Dumating dito ang mga tagabunsod noong Hunyo 1846. Ang mga kasapi sa Batalyon ng Mormon ay lumisan noong ika-21 ng Hulyo 1846 sa ilalim ng pamumuno ni James Allen.
8. **Winter Quarters** Punong-himpilan ng Simbahan magmula 1846–48. Ang pangkat ng pangunang hanay sa ilalim ng tagubilin ni Pangulong Brigham Young ay lumisan patungong Kanluran noong Abril 1847.
9. **Fort Leavenworth** Ang Batalyon ng Mormon ay sinandatahan dito bago nagsimula ang pagmartsa nila pakanluran noong Agosto 1846.
10. **Santa Fe** Pinamunuan ni Philip Cooke ang Batalyon ng Mormon sa pagmartsa nito magmula rito noong ika-19 ng Oktubre 1846.
11. **Pueblo** Tatlong pangkat ng may mga sakit sa hukbo ang inutusang magtungo sa Pueblo upang magpagaling, kung saan nila pinalipas ang taglamig ng 1846–47 kasama ng mga Banal na galing sa Mississippi. Ang mga pangkat na ito ay pumasok sa Lambak ng Salt Lake noong Hulyo 1847.
12. **San Diego** Dito natapos ang 3,200-kilometrong pagmamartsa ng Batalyon ng Mormon noong ika-29 ng Enero 1847.
13. **Los Angeles** Ang Batalyon ng Mormon ay dito itiniwalag sa tungkulin noong ika-16 ng Hulyo 1847.
14. **Sacramento** Ilan sa mga itiniwalag na kasapi ng batalyon ay nagtrabaho rito at sa Gilingan ng Sutter sa malayong silangan ng Ilog Amerika, kung saan tumulong silang maghanap ng ginto.
15. **Salt Lake City** Dumating si Brigham Young sa Lambak ng Salt Lake noong ika-24 ng Hulyo 1847.

MAPA NG DAIGDIG

**MAPA 7**





**1. Banal na Kakahuyan** Sa kakahuyang ito na malapit sa kanyang tahanan, natanggap ni Propetang Joseph Smith ang Unang Pangitain.



**2. Burol ng Cumorah at Dako ng Manchester-Palmyra** Inutusan ni anghel Moroni si Joseph Smith na hanapin ang mga laminang ginto na kanyang inilagak sa burol na ito. (Ang burol ay nasa gitnang kanan.)



**3. Bahay na Yari sa Troso ni Joseph Smith Sr.** Ito ay kopya ng tahanan kung saan minsang nanirahan ang mag-anak na Smith.



**4. Imprentahan at Palimbagan ni Grandin** Ang unang pagpapalimbag ng Aklat ni Mormon ay naganap sa lugar na ito.




**5. Ilog Susquehanna** Ang mga Pagkasaserdoteng Aaron at Melquisedec ay ipinanumbalik sa mga pampang ng ilog na ito (tingnan sa D at T 13; 128:20).



**6. Bahay na Yari sa Troso ni Peter Whitmer, Sr.** Ang kinopyang bahay na ito ay itinayo sa pook kung saan itinatag ang Simbahan noong ika-6 ng Abril 1830.




**7. Tindahan ni Newel K. Whitney at ng Kanyang mga Kasama** Ang paghahayag na nakilala bilang Salita ng Karunungan (tingnan sa D at T 89) ay natanggap dito, pati na rin ang iba pang mga paghahayag.



**8. Tahanan ni John Johnson** Samantalang nasa bahay na ito at nagsasagawa ng pagsasalin ng Biblia, natanggap nina Propetang Joseph Smith at Sidney Rigdon ang paghahayag na ngayon ay natatala sa Doktrina at mga Tipan 76, pati na rin ang iba pang mga paghahayag.



**9. Templo ng Kirtland** Unang templong itinayo sa dispensasyong ito, 1836. Sa templong ito nagpakita sina Jesucristo, Moises, Elias, at Elijah at ipinanumbalik ang mga susi ng pagkasaserdote (tingnan sa D at T 110).



**10. Ang Lambak ng Adan-ondi-Ahman** Dito nagtagpo si Adan at ang kanyang mga matwid na angkan (tingnan sa D at T 107:53–57). Si Adan, ang iba pang mga propeta, at ang matatapat na Banal na mula sa lahat ng panahon ay kakatagpuin ng Tagapagligtas dito bago sumapit ang Kanyang Ikalawang Pagparito.



**11. Dakong Pagtatayuan ng Templo ng Far West** Noong 1838 inutusan ng Panginoon ang mga Banal na magtayo rito ng templo (tingnan sa D at T 115:7–8). Ang pag-uusig ng mga mandurumog ang humadlang sa kanila upang isagawa ito.



**12. Piitan ng Liberty** Samantalang nasa hindi makatwirang pagkakabilanggo rito (1838–39), natanggap ni Propetang Joseph Smith ang paghahayag na ngayon ay natatala sa Doktrina at mga Tipan 121–123.



**13. Bahay na Mansyon sa Nauvoo** Ang tahanan ng mag-anak ni Propetang Joseph Smith magmula 1843. Noong mga unang araw ng Simbahan, ito ay naging sentro ng panlipunang pamumuhay ng mga Banal.



**14. Ang Tindahan ni Propetang Joseph Smith na Yari sa Pulang Laryo** Sa gusaling ito itinatag ang Samahang Damayan noong ika-17 ng Marso 1842.



**15. Templo ng Nauvoo** Ipinakikita ng modelong ito ang orihinal na ganda ng gusali bago ito natupok ng apoy noong 1848.



**16. Piitan ng Carthage** Dito naganap ang pagkakamartir ni Propetang Joseph Smith at ng kanyang kapatid na si Hyrum noong ika-27 ng Hunyo 1844 (tingnan sa D at T 135).



**17. Exodo Patungong Kanluran** Noong ika-4 ng Pebrero 1846 tinawid ng mga unang bagon ang Ilog Mississippi upang simulan ang makasaysayang paglalakbay pakanluran.



**18. Templo ng Salt Lake** Ang palatandaang ito sa Lambak ng Salt Lake ay umabot ng 40 taon para maitayo.

# MGA MAPA AT MGA LARAWAN SA BIBLIA

Ang mga larawang ito ng mahahalagang pook ay halimbawa ng mga lupain kung saan lumakad si Jesus, kung saan ang mga propeta sa Biblia ay nanirahan at nagturo, at kung saan naganap ang marami sa mga pangyayari sa mga banal na kasulatan. Upang matulungan kayong magamit nang mas mabuti ang mga larawan sa inyong pag-aaral, ang bawat larawan ay nilakipan ng maikling paglalarawan. Ang bilang at pamagat ng maikling paglalarawan at ang bilang at pamagat ng larawan ay magkatulad. Ipinaliliwanag ng unang talata na kasunod ng pamagat ng paglalarawan ang tagpo na nasa larawan, kabilang ang mahahalagang bagay na mamamasdan at kadalasan kung saang dako nakaharap ang kumukuha ng larawan. Pagkatapos, ang mahahalagang pangyayari sa pook na iyon na nakasaad sa mga banal na kasulatan ay natatala, lakip ang mga sanggunian sa mga banal na kasulatan nang sa gayon ay malaman ninyo kung saan pa ninyo mababasa ang tungkol sa mga pangyayaring iyon.

**1. Ilog Nilo at Egipto**

Mga tanim na tumutubo sa mga pampang ng Ilog Nilo. Nasa kabila nito ang mga pook ng tuyong disyerto na bumabalot sa kalaparan ng Egipto.

*Mahahalagang Pangyayari:* Ang lupain ay natuklasan ni Egiptus (Abr. 1:23–25). Nagtungo si Abraham sa Egipto (Gen. 12:10–20; Abr. 2:21–25). Ipinagbili si Jose sa Egipto, siya'y naging tagapamahala, at iniligtas ang kanyang mag-anak mula sa taggutom (Gen. 37; 39–46). Ang mga inapo ni Jacob ay nanirahan sa Egipto (Gen. 47; Ex. 1; 12:40). Natagpuan ng babaing anak ni Faraon ang sanggol na si Moises sa ilog at inaruga siya (Ex. 2:1–10). Inilabas ni Moises ang mga Israelita sa Egipto (Ex. 3–14). Sina Maria, Jose, at Jesus ay sandaling nagtungo sa Egipto upang takasan si Herodes (Mat. 2:13–15, 19–21). Sa mga huling araw, makikilala ng mga taga-Egipto ang Panginoon, at pagpapalain ng Panginoon ang Egipto (Isa. 19:20–25). (Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Egipto.")

**2. Bundok ng Sinai (Horeb) at ang Ilang ng Sinai**

Ang mga nag-uusliang bundok ay ang mga taluktok ng Jebel Musa (Bundok ni Moises). Maraming posibleng pook para sa Bundok ng Sinai. Isa sa higit na itinatanging lugar ang Jebel Musa.

*Mahahalagang Pangyayari:* Nagpakita ang Diyos kay Moises at ibinigay sa kanya ang Sampung Utos (Ex. 19–20). Nakita at nakipag-usap sa Diyos sina Moises, Aaron, dalawa sa mga anak na lalaki ni Aaron, at 70 mga elder (Ex. 24:9–12). Binigyan ng Diyos si Moises ng mga tagubilin para sa pagtatayo ng tabernakulo (Ex. 25–28; 30–31). Ang mga Israelita ay sumamba sa isang gintong guya na hinikayat nilang gawin ni Aaron (Ex. 32:1–8). Sa lupaing ito nagtungo si Elijah sa pagtakas mula sa Lambak ng Jezreel kung saan naninirahan si Reyna Jezabel (I Hari 19:1–18). Dito rin nakipag-usap si Elijah sa Diyos (I Hari 19:8–19).

**3. Ilang ng Judea at ang Patay na Dagat**

Tumatanaw patimog-silangan sa ilang ng Judea. Nakikita sa likuran ang Patay na Dagat.

*Mahahalagang Pangyayari:* Ang ilang ng Judea ay isang mahalagang kanlungan sa maraming pagkakataon noong sinaunang kasaysayan. Nagtago si David mula kay Haring Saul (I Sam. 26:1–3). Nag-ayuno si Jesus ng 40 araw at 40 gabi (Mat. 4:1–11; Marcos 1:12–13). Ginamit ni Jesus ang daan mula sa Jerusalem patungong Jerico na tumatahak sa ilang ng Judea bilang tagpo para sa talinghaga ng mabuting Samaritano dahil ang mag-isang naglalakbay sa pook na iyon ay madaling biktima (Lucas 10:25–37). (Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Patay na Dagat.")

**4. Cades-barnea**

Ito ang hilagang-silangang tanawin ng malawak na lambak ng disyerto (na tinatawag ding wadi) kung saan naroon ang Cades-barnea. Ang tubig na dumadaloy rito sa panahon ng tag-ulan ang nagpapatubig at nagpapayabong sa dakong ito ng ilang ng Zin.

*Mahahalagang Pangyayari:* Ito marahil ang dako kung saan isinugo ni Moises ang 12 kalalakihan upang magtiktik sa lupain ng Canaan (Blg. 13:17–30). Ito ang nagsilbing kuta para sa mga Israelita sa loob ng 38 ng halos 40 taon nilang paglibot sa ilang (Deut. 2:14). Dito namatay at inilibing si Miriam (Blg. 20:1). Ito ang lugar ng paghihimagsik ni Core, ang pagbulung-bulong ng mga tao, at ang pamumulaklak ng tungkod ni Aaron (Blg.

16–17). Sa malapit dito humampas ng bato si Moises at lumabas ang tubig (Blg. 20:7–11).

**5. Libingan ng mga Patriyarka**

Isa sa pinakatanyag na gusali sa buong Banal na Lupain. Ito ay ipinatayo sa Hebron ni Haring Herodes sa kinaugaliang pook ng yungib ng Macpela, na binili ni Abraham bilang pook na paglilibingan ng mag-anak (Gen. 23).

*Mahahalagang Pangyayari:* Pook na pinaglibingan kina Sara (Gen. 23) at Abraham (Gen. 25:9). Sina Isaac, Rebeca, at Lea ay dito rin inilibing (Gen. 49:30–31). Ang katawan ni Jacob ay dinala mula Egipto patungong Canaan at inilibing sa yungib (Gen. 50).

**6. Burol na Bayan ng Judea**

Ang burol na bayan ng Judea ay mga 56 kilometro ang haba at 27 kilometro ang lapad. Mabato at mahirap linangin ang malaking bahagi ng lupain. Ang mga burol ay napapatlangan ng mga lambak kung saan ang lupain ay may kainaman ang pamumunga. Ang mga naunang Israelita ay nanirahan sa mga burol na ito, ginagamit ang mga ito na pananggalang laban sa mga mananalakay. Ang Jerusalem ay matatagpuan sa bayang ito.

*Mahahalagang Pangyayari:* Ipinangako ng Panginoon ang lupaing ito kay Abraham at sa kanyang binhi (Gen. 13:14–18; 17:8). Sina Sara at Abraham ay inilibing sa yungib ng Macpela, sa Hebron (Gen. 23:19; 25:9). Nasakop ni David ang Jerusalem mula sa mga Jebuseo (II Sam. 5:4–9). Mas maraming pangyayari sa Lumang Tipan ang nakatalang naganap sa mga burol na ito kaysa alinmang rehiyon.

**7. Betlehem**

Ipinakikita ng larawang ito ang mababatong burol at parang na pinagpapastulan sa gawing harapan, kasama ang makabagong lunsod ng Betlehem sa likuran.

*Mahahalagang Pangyayari:* Si Raquel ay inilibing malapit dito (Gen. 35:16–20). Sina Ruth at Boaz ay nanirahan dito (Ruth 1:19–2:4). Si Haring David ay isinilang at pinahiran ng langis upang maging hari rito (I Sam. 16:1–13). Dito isinilang ang Tagapagligtas, at ang mga pastol at Pantas na Lalaki ay sumamba sa kanya (Mat. 2:1–11; Lucas 2:4–16). (Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Betlehem.")

**8. Jerusalem**

Tumatanaw pahilaga. Sa gitna ng larawan ay ang dambana ng Muslim na may gintong bubungan na tinatawag na Bobida ng Bato. Noong sinaunang panahon ang mga Judio ay sumasamba sa mga templong matatagpuan dito. Ang mga muog na malapit sa Bobida ng Bato ang pumapalibot sa lumang lunsod ng Jerusalem. Nasa gawing kanan ng muog ang Lambak ng Cedron. Sa malayong dako sa gawing kanan ang Bundok ng mga Olibo. Sa may hilaga, sa kabila ng Bobida ng Bato, ay ang posibleng pook ng Golgota, o Calvario.

*Mahahalagang Pangyayari:* Ang Jerusalem ay tinawag na Salem noong una (Awit 76:2). Si Abraham ay nagbayad ng ikapu kay Melquisedec (Gen. 14:18–20). Tinungo ito ni Abraham upang ihain si Isaac (Gen. 22:2–14). Nasakop ni Haring David ang Jerusalem mula sa mga Jebuseo (II Sam. 5:4–9). Nagtayo si Haring Solomon ng isang templo (I Hari 6–7). Nilisan ni Lehi upang magtungo sa isang lupang pangako (1 Ne. 1:4; 2). Ang Tagapagligtas ay nagministeryo, nagbayad-sala para sa mga kasalanan, at nabuhay na mag-uli (Mat. 21–28). Gaya ng iprinopesiya ng Tagapagligtas, nawasak agad ang Jerusalem matapos ang kanyang kamatayan (JS—M 1:3–20). Ang Jerusalem ay sasalakayin sa mga huling araw (Ez. 38–39; Joel 2–3; Apoc. 11; 16). Ang Tagapagligtas ay magpapakita rito bago ang Ikalawang Pagparito (Zac. 12–14; D at T 45:48–53). (Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Jerusalem," "Salem.")

**9. Templo ni Herodes**

Ipinakikita ng larawang ito ang isang eskalang modelo ng templo ni Herodes gaya ng inaakalang ayos nito noong A.D. 67. Ang muog na pumapaligid sa templo at mga karatig nito ang siyang bumabakod sa santuwaryo na kinaroroonan ng Pinakabanal na Lugar, ng banal na lugar, at tatlong malalaking bulwagan.

*Mahahalagang Pangyayari:* Iniharap nina Jose at Maria ang sanggol na si Jesus sa templo (Lucas 2:22–38). Ang Tagapagligtas ay nagturo sa templo sa gulang na 12 (Lucas 2:41–46). Ipinagtabuyan ng Tagapagligtas ang mga mamamalit ng salapi sa templo (Mat. 21:12–13) at iprinopesiya ang pagkawasak ng tem-

plo (Mat. 24:1–2). Isang templo sa hinaharap ang itatayo sa Jerusalem (Ez. 40–48; Zac. 8:7–9). (Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Templo, Bahay ng Panginoon.")

**10. Mga Baitang Patungong Templo**

Ang pook ng templo ay nahahati sa mga bulwagan, at ang panlabas na bulwagan ay nasa pinakamababang silong. Ang mga nagsisipagsamba ay pumapasok sa iba't ibang pintuan, kabilang na ang mga patungo sa itaas mula sa mga baitang na ito papasok sa panlabas na bulwagan at pagkatapos ay patungong panloob na bulwagan. Libu-libong tao na ang nagsiakyat sa mga baitang na ito sa paglipas ng panahon, kabilang na ang Anak ng Diyos. Nang wasakin ng hukbo ni Tito ang templo noong A.D. 70, ang mga baitang na ito ay natabunan ng mga labi. Lumitaw ang mga ito sa paghuhukay ng isang bahagi ng lumang lunsod ng Jerusalem.

*Mahalagang Pangyayari:* Nakita ni Ezekiel sa isang pangitain ang sukat at ayos ng templo sa hinaharap (Ez. 40). (Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Templo, Bahay ng Panginoon.")

**11. Bundok ng mga Olibo, Liwasang Orson Hyde**

Ang tanawing ito ay patimog-kanluran mula sa Liwasang Orson Hyde sa Bundok ng mga Olibo patungong Jerusalem. Ang Halamanan ng Getsemani ay nasa kanlurang libis ng Bundok ng mga Olibo. Noong ika-24 ng Oktubre 1841, umakyat si Elder Orson Hyde sa Bundok ng mga Olibo at nag-alay ng isang mapropesiyang panalangin ng paglalaan para sa pagbabalik ng mga anak ni Abraham at pagtatayo ng templo.

*Mahalagang Pangyayari:* Winasak ng Roma ang Jerusalem noong A.D. 70 gaya ng unang sinabi ng Tagapagligtas (tingnan sa JS—M 1:23). Ang Tagapagligtas ay titindig sa Bundok ng mga Olibo bago ang kanyang pagpapakita sa lahat ng sanlibutan. (Tingnan sa Zac. 14:3–5; D at T 45: 48–53; 133:19–20; Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Olibo, Bundok ng mga.")

**12. Halamanan ng Getsemani**

Ang larawang ito ng isang matandang puno ng olibo ay kuha sa kinaugaliang pook ng Halamanan ng Getsemani. Nanalangin ang Tagapagligtas sa malapit dito matapos lisanin ang silid sa itaas sa gabi ng pagkakanulo sa kanya.

*Mahahalagang Pangyayari:* Dito nagsimula ang pagdurusa ni Jesucristo para sa mga kasalanan ng sangkatauhan (Mat. 26:36–44; Marcos 14:32–41; D at T 19:16–19). Kasunod ng kanyang panalangin siya ay ipinagkanulo ni Judas Iscariote, at pansamantala siyang tinalikuran ng kanyang mga disipulo kasunod ng kanyang pagkakadakip sa halamanan (Marcos 14:50). (Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Getsemani.")

**13. Golgota**

Ang batong ito ay kahawig ng isang bungo at nasa labas lamang ng Pintuang-bayan ng Damasco ng Jesusalem. Maaaring ito ang pook kung saan ipinako si Jesucristo.

*Mahalagang Pangyayari:* Matapos hampasin at libakin si Jesus, siya ay dinala sa "isang dakong tinatawag na Golgota,… ang dako ng bungo," kung saan siya ipinako (Mat. 27:26–35; Juan 19:17–18). (Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Golgota.")

**14. Libingan sa Halamanan**

Ito ay isang kinaugaliang pook na pinaglibingan sa Tagapagligtas. Ilan sa mga makabagong propeta ang nakadama na dito sa libingan sa halamanan inilagay ang katawan ng Tagapagligtas.

*Mahahalagang Pangyayari:* Pagkamatay sa krus ng Tagapagligtas, ang kanyang katawan ay inilagay sa isang bagong libingan na inuka sa isang malaking bato (Mat. 27:57–60). Sa ikatlong araw, ilang kababaihan ang nagtungo sa libingan at natuklasang wala roon ang katawan ng Tagapagligtas (Mat. 28:1; Juan 20:1–2). Nagtungo rin ang mga Apostol na sina Pedro at Juan sa libingan at nakitang wala roon ang katawan ng Tagapagligtas (Juan 20:2–9). Ang nabuhay na mag-uling Tagapagligtas ay nagpakita kay Maria Magdalena (Juan 20:11–18).

**15. Jerico**

Ipinakikita ng larawang ito ang mga pananim sa kasalukuyang Jerico. Noong una ito ay isang lunsod na may muog sa lambak ng Ilog Jordan, 252 metro malalim sa kapatagan ng dagat. Ito ay mayamang pook na pang-agrikultura kung saan ang mga palmera at tani-

man ng mga sitrus ay yumayabong. Nakikita sa likuran ang kinaugaliang Bundok ng Panunukso (Mat. 4:1–11).

*Mahahalagang Pangyayari:* Malapit sa lugar na ito, unang tinawid ni Josue at ng mga anak ni Israel ang Ilog Jordan, papasok sa lupang pangako (Jos. 2:1–3; 3:14–16). Mahimalang pinabagsak ng Panginoon ang muog sa harapan ng hukbong Israelita (Jos. 6; tingnan din sa Heb. 11:30). Isinumpa ni Josue ang lunsod (Jos. 6:26), na natupad (I Hari 16:34). Pinagaling ni Eliseo ang mga tubig ng Jerico (II Hari 2:18–22). Patungo sa kanyang huling pagdalaw sa Jerusalem, ang Tagapagligtas ay dumaan dito, pinagaling ang bulag na si Bartimeo at nakitahan kay Zaqueo, ang maniningil ng buwis (Marcos 10:46–52; Lucas 18:35–43; 19:1–10). Ang daan sa Jerico mula sa Jerusalem ay itinampok sa talinghaga ng mabuting Samaritano (Lucas 10:30–37).

**16. Silo**

Sa pakanlurang tanawing ito, ang mga guho ng sinaunang lunsod ay nasa gawing kaliwa lamang ng gitna. Ang mga ito ay nasa maliit na burol na papaikot na napaliligiran ng mas matataas na burol.

*Mahahalagang Pangyayari:* Ang mga lipi ng Israel ay nagtipon at tinanggap ang kanilang bahagi ng teritoryo (Jos. 18–22). Ang tabernakulo at kaban ng tipan ay dito inilagay at nanatili nang ilang siglo (Jos. 18:1). Dito nanalangin at inilaan ni Ana ang kanyang anak na si Samuel sa paglilingkod sa Panginoon (I Sam. 1). Kinuha ng mga Israelita ang kaban mula sa Silo at tinalo ng mga Filisteo, na siyang kumuha sa kaban (I Sam. 4:1–11).

**17. Bundok ng Gerizim at Bundok ng Ebal**

Tumatanaw pakanluran. Sa gawing kaliwa ang Bundok ng Gerizim, at sa kanan, Bundok ng Ebal. Nakalarawan dito ang makabagong Nablus. Ang sinaunang lunsod ng Sichem ay nakatayo sa pagitan ng dalawang bundok na ito sa lambak sa ibaba (gawing kanan lamang ng larawan).

*Mahahalagang Pangyayari:* Nagkampo si Abraham sa Sichem (Gen. 12:6–7). Dito nagkampo si Jacob at bumili ng kapirasong lupa (Gen. 33:18–20). Ang Bundok ng Gerizim ay bundok ng pagpapala, samantalang ang Bundok ng Ebal ay bundok ng sumpa (Deut. 27–28). Sa Bundok ng Ebal, nagtayo ng dambana si Josue taglay ang mga kautusan ni Moises at pagkatapos ay binasa ang kautusan sa mga Israelita (Jos. 8:30–35). Ang mga buto ni Jose ay inilibing sa Sichem (Jos. 24:32).

**18. Dotan sa Samaria**

Ang rehiyong ito ng Banal na Lupain ay kilala sa mga tagaytay at lambak. Ito ay mainam na lupang pastulan. Nang manirahan ang mga Israelita sa lupain, ang rehiyong ito ay ipinagkaloob kay Manases.

*Mahahalagang Pangyayari:* Sa Lambak ng Dotan, si Jose ay ipinagbili sa Egipto (Gen. 37:12–28). Iniligtas ni Abdias ang may isandaang propeta sa pamamagitan ng pagkubli sa kanila sa mga yungib nang tangkain ni Jezabel na patayin ang mga propeta ng Israel (I Hari 18:13). Pinaligiran ng hukbo ng mga taga-Siria si Eliseo at ang kanyang alipin, na mahimalang iniligtas ng Panginoon (II Hari 6:13–23).

**19. Cesarea at ang Kapatagan ng Saron hanggang sa Carmelo**

Tumatanaw pahilaga sa kabilang panig ng sinaunang daungang-dagat ng Cesarea. Natatanaw rin ang kahabaan ng Bundok ng Carmelo sa may dakong itaas ng larawan.

*Mahahalagang Pangyayari:* Hinarap ni Elijah ang mga huwad na propeta ni Baal sa Bundok ng Carmelo (I Hari 18). Ang Via Maris (Daan ng Karagatan), isang mahalagang daan noong unang panahon, ay nasa dakong silangan ng Cesarea. Matapos ang isang hindi pangkaraniwang pangitain samantalang nasa Joppe, sinimulan ni Pedro ang pagmiministeryo sa mga Gentil sa pamamagitan ng pagtuturo sa isang Romanong senturion na nagngangalang Cornelio sa Cesarea (Gawa 10). Si Felipe ay nangaral at nanirahan dito at nagkaroon ng apat na anak na babae na nagsisipagpropesiya (Gawa 8:40; 21:8–9). Si Pablo ay naging isang bilanggo sa lunsod sa loob ng dalawang taon (Gawa 23–26). Siya ay nangaral kina Felix, Festo, at Herodes Agripa II, na nagsabing, "Sa kakaunting paghikayat ay ibig mo akong maging Cristiano" (Gawa 26:28).

**20. Joppe**

Tumatanaw pahilagang-kanluran sa daungang-lunsod ng Joppe.

*Mahahalagang Pangyayari:* Nagtungo si Jonas sa Joppe upang sumakay sa isang daong patungong Tarsis (Jonas 1:1–3). Ang Joppe ang daungang-dagat na ginamit ni Solomon at di naglaon ni Zorobabel sa pagdadala ng mga kahoy mula sa mga kagubatan ng sedro ng Libano upang maitayo ang kanilang mga templo (II Cron. 2:16; Ezra 3:7). Dito muling binuhay ni Pedro si Tabita, na kilala rin bilang Dorcas (Gawa 9:36–43). Nagkaroon din ng pangitain si Pedro tungkol sa malilinis at maruruming hayop, ipinaalam sa kanya ang pangangailangang simulan ang ministeryo sa mga Gentil (Gawa 10). Dumating dito si Orson Hyde upang ilaan ang Banal na Lupain noong 1841.

**21. Lambak ng Jezreel**

Tumatanaw pakanluran mula sa tuktok ng Bundok ng Tabor patungo sa isang bahagi ng Lambak ng Jezreel. Bagaman ang Lambak ng Jezreel ay kadalasang ipinalalagay na isang malaking lambak, ang totoo ay isa itong magkakahanay na lambak na dumurugtong sa Kapatagan ng Acho sa Lambak ng Jordan at sa rehiyon ng Dagat ng Galilea. Ang lambak ng Megiddo, halimbawa, ay nasa pakanlurang bahagi ng lambak na ito. Ang Lambak ng Jezreel ang pangunahing daan sa ibayo ng Banal na Lupain na nakapagitan sa Dagat Mediterania sa kanluran at sa Lambak ng Jordan sa silangan.

*Mahahalagang Pangyayari:* Ang pangunahing lansangang-bayan na nagdurugtong sa Egipto at Mesopotamia ay bumabagtas sa lambak na ito, at maraming digmaan ang pinaglabanan dito (Huk. 1:22–27; 5:19; II Hari 23:29–30). Ang huling matinding digmaan sa lupaing ito ay magsisimula sa digmaan ng Armagedon, na paglalabanan sa maikling panahon bago ang Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas; hinango ang pangalan nito mula sa Har Megiddon, o Bundok ng Megiddo (Ez. 38; Joel 3:9–14; Zac. 14:2–5; Apoc. 16:14–16).

**22. Bundok ng Tabor**

Tumatanaw pahilagang-kanluran. Ang Lambak ng Jezreel ang lambak na pumapalibot sa Bundok ng Tabor, na nakilala rin bilang Kapatagan ng Esdraelon. Ang Nazaret ay nasa dako ng mga burol sa ibayo ng Bundok ng Tabor.

*Mahahalagang Pangyayari:* Tinipon nina Debora at Barac ang hukbo ng Panginoon laban kay Jabin, hari ng Hazor (Huk. 4:4–14). Ang Bundok ng Tabor ay isa sa mga kinaugaliang pook ng Pagbabagong-anyo ng Tagapagligtas (Mat. 17:1–9); ang isa pa ay ang Bundok ng Hermon. (Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Pagbabagong-anyo.")

**23. Dagat ng Galilea at ang Bundok ng mga Lubos na Pagpapala**

Tumatanaw patimog-kanluran sa hilagang-kanlurang sulok ng Dagat ng Galilea, isang lawa ng tubig tabang. Ang Tiberias ay matatagpuan sa dulong bahagi ng dalampasigan at sa dulong kaliwa ng larawan. Ang burol na nasa gitnang bahagi ang kinaugaliang pook ng Bundok ng mga Lubos na Pagpapala. Ang Capernaum ay nasa gawing kaliwa, hindi nakunan ng larawan.

*Mahahalagang Pangyayari:* Dito halos ginugol ng Tagapagligtas ang kanyang mortal na pagmiministeryo sa rehiyong ito. Dito siya tumawag at nag-ordena ng Labindalawang Apostol (Mat. 4:18–22; 10:1–4; Marcos 1:16–20; 2:13–14; 3:7; 13–19; Lucas 5:1–11), itinuro ang Pangangaral sa Bundok (Mat. 5–7), at nagturo sa pamamagitan ng talinghaga (Mat. 13:1–52; Marcos 4:1–34). Kabilang sa mga himalang isinagawa niya ang mga sumusunod: nagpagaling ng ketongin (Mat. 8:1–4); pinayapa ang bagyo (Mat. 8:23–27); nagpalayas mula sa isang binata ng mga diyablo, na nagsisanib sa mga baboy na nagtakbuhan sa dagat (Marcos 5:1–15); ibinangon ang anak na babae ni Jairo mula sa mga patay (Mat. 9:18–19, 23–26; Marcos 5:22–24, 35–43); pinakain ang 5,000 at ang 4,000 (Mat. 14:14–21; 15:32–38); inutusan ang kanyang mga disipulo na ihagis ang kanilang mga lambat, kung paano sila ay nakahuli ng maraming isda (Lucas 5:1–6); pinagaling ang maraming tao (Mat. 15:29–31; Marcos 3:7–12); at nagpakita matapos ang kanyang Pagkabuhay na Mag-uli upang turuan ang kanyang mga disipulo (Marcos 14:27–28; 16:7; Juan 21:1–23).

**24. Capernaum**

Ang Capernaum, matatagpuan sa hilagang dalampasigan ng Dagat ng Galilea, ang sentro ng pagmiministeryo ni Jesus sa Galilea (Mat. 9:1–2; Marcos 2:1–5). Isang mahalaga at matagumpay na pangisdaan at sentro ng kalakalan,

ito ay naging tahanan ng mga Gentil at gayon din ng mga Judio. Marahil ang dami ng tao rito noong unang siglo ay hindi aabot sa 1,000. Ang Capernaum ay matatagpuan sa krus na landas ng mahahalagang kalakalan, may matatabang lupaing nakapaligid dito. Nagtayo rito ang mga sundalong Romano ng mga bahay paliguan at imbakan, nakatulong sa maayos na kalagayang panlipunan na may mahuhusay na pagkakayaring pampublikong gusali. Sa kabila ng maraming himalang ginawa rito, kalimitang tinatanggihan ng mga tao ang pagmiministeryo ng Tagapagligtas. Kaya nga isinumpa ni Jesus ang lunsod (Mat. 11:20, 23–24). Sa paglipas ng panahon, ang Capernaum ay gumuho at nanatiling walang naninirahan.

*Mahahalagang Pangyayari:* Ang Capernaum ay nakilala bilang "sariling lunsod" ng Tagapagligtas (Mat. 9:1–2; Marcos 2:1–5). Marami siyang ginawang himala sa pook na ito. Halimbawa, pinagaling niya ang maraming tao (Marcos 1:32–34), kabilang na ang alipin ng senturion (Lucas 7:1–10), ang biyanang babae ni Pedro (Marcos 1:21, 29–31), ang lumpo na ang higaan ay ibinaba at idinaan sa bubong (Marcos 2:1–12), at ang lalaki na may tuyong kamay (Mat. 12:9–13). Dito si Jesus ay nagpalayas din ng maraming masasamang espiritu (Marcos 1:21–28, 32–34), pinabangon ang anak na babae ni Jairo mula sa mga patay (Marcos 5:22–24, 35–43), at binigkas ang pangaral tungkol sa tinapay ng buhay sa sinagoga sa Capernaum (Juan 6:24–59). Inatasan ng Tagapagligtas si Pedro na humuli ng isda mula sa Dagat ng Galilea, ibuka ang bibig nito, at makikita ang isang siklo na pambayad sa buwis (Mat. 17:24–27).

**25. Ilog Jordan**

Ang Ilog Jordan ay nagmumula sa hilaga ng Dagat ng Galilea, dumadaloy rito, at pagkatapos ay patuloy na dumadaloy sa timog patungo sa Patay na Dagat.

*Mahahalagang Pangyayari:* Pinili ni Lot ang kapatagan ng Jordan para sa kanyang sarili (Gen. 13:10–11). Hinawi ni Josue ang mga tubig, na nagbigay-daan sa mga Israelita upang makatawid patungo sa lupang pangako (Jos. 3:13–17; 4:1–9, 20–24). Hinawi nina Elijah at Eliseo ang mga tubig (II Hari 2:5–8, 12–14). Napagaling ang ketong ni Naaman (II Hari 5:1–15). Si Juan Bautista ay nagbinyag ng maraming tao, kabilang ang Tagapagligtas (Mat. 3:1–6, 13–16). (Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Ilog Jordan.")

**26. Cesarea ni Filipo**

Ang bukal na ito ay matatagpuan sa may paanan ng Bundok ng Hermon. Ito ay isa sa mga bukal na pinagmumulan ng Ilog Jordan. Si Herodes Filipo, na siyang namamahala sa pook na ito, ay nagtayo rito ng isang lunsod bilang parangal kay Cesar (na kanyang emperador) at sa kanyang sarili; tinawag noon ang lunsod na Panias at ngayon ito ay tinatawag na Banias o Cesarea ni Filipo.

*Mahalagang Pangyayari:* Pinulong ng Tagapagligtas sa Cesarea ni Filipo ang kanyang mga disipulo. Dito ipinahayag ni Pedro na ang Tagapagligtas ay "ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buhay." Ipinangako pagkatapos ng Tagapagligtas kay Pedro "ang mga susi ng kaharian ng langit" (Mat. 16:13–20).

**27. Nazaret**

Ang tanawing ito ng makabagong lunsod ng Nazaret ay tumatanaw patimog. Ang Nazaret ay isang maliit na nayon noong panahon ng biblia.

*Mahahalagang Pangyayari:* Nakita ni Nephi sa isang pangitain ang ina ng Tagapagligtas sa Nazaret (1 Ne. 11:13–22). Sinabi ng anghel na si Gabriel kay Maria na siya ang magsisilang sa Tagapagligtas (Lucas 1:26–35). Sinabi ni Gabriel kay Jose na kuning asawa si Maria at pangalanan ang kanyang anak na Jesus (Mat. 1:18–25). Lumaki si Jesus sa Nazaret (Mat. 2:19–23; Lucas 2:4–40; 4:16). Ipinangaral at ipinahayag niya sa sinagoga na siya ang Mesiyas (Lucas 4:16–21), subalit siya ay hindi tinanggap ng mga tao ng Nazaret (Mat. 13:54–58; Lucas 4:22–30).

**28. Dan**

Ang sinaunang lunsod na ito ay tinawag na Lesem (Jos. 19:47) o Lais (Huk. 18:7, 14) bago nasakop ng mga Israelita ang lupain. Ang mga bukal na matatagpuan sa pook na ito, pati na rin ang mga bukal sa Cesarea ni Filipo, ang pangunahing pinagmumulan ng Ilog Jordan.

*Mahalagang Pangyayari:* Iniligtas ni Abraham si Lot (Gen. 14:13–16). Nasakop ng lipi ni Dan ang lugar at pinangalanan itong Dan (Jos. 19:47–48). Si Jeroboam ay nagpatayo ng isang gintong guya na naging dahilan ng pagbag-

sak ng 10 lipi sa hilaga (I Hari 12:26–33). Dan ang pinaka-hilagang lunsod ng Israel—kaya nga tinutukoy ng mga banal na kasulatan ang lupain ng Israel na "magmula Beer-sheba hanggang Dan" (II Cron. 30:5; Beer-sheba ang pinaka-timog na lunsod). (Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Dan.")

**29. Atenas**

Ipinakikita ng larawang ito ang mga guho ng Partenon sa Atenas. Ang Atenas ang sinaunang Griyegong kabisera ng Attica at noong panahon sa Bagong Tipan ay nasa lalawigan ng Romano ng Acaya. Ito ay pinangalanan nang gayon bilang parangal sa paganong Griyegong diyus-diyusan na si Atena. Sa panahon ng Bagong Tipan, malaki na ang nawala sa Atenas sa dati nitong kadakilaan at kaluwalhatian, gayunman ay naroroon pa rin ang mga rebulto at bantayog ng maraming diyus-diyusan, kabilang na ang "diyos na hindi kilala" (Gawa 17:23).

*Mahahalagang Pangyayari:* Dinalaw ni Apostol Pablo ang lunsod at nangaral sa Burol ni Marte, malapit sa Partenon (Gawa 17:15–34). Isinugo ang mga misyonero mula sa Atenas patungo sa iba pang dako ng Grecia (I Tes. 3:1–2).

**30. Corinto**

Punong-bayan ng lalawigan ng Romano ng Acaya. Ito ay matatagpuan sa isthmus na nagdurugtong sa Peloponeso sa pangunahing bayan ng Grecia, na may daungan sa silangan at kanlurang bahagi. Ito ay isang daungang-lunsod ng kayamanan at impluwensya.

*Mahahalagang Pangyayari:* Nanirahan si Pablo sa Corinto sa loob ng isang taon at anim na buwan at nagtayo ng Simbahan doon (Gawa 18:1–18). Sumulat si Pablo ng ilang liham sa mga kasapi ng Simbahan sa lugar ng Corinto, dalawa sa mga ito ay matatagpuan ngayon sa Bagong Tipan (I at II Corinto).

**31. Efeso**

Ang mga guho ng dulaang Griyego sa Efeso, kung saan nangaral si Apostol Pablo. Noong panahon ng Bagong Tipan, ang Efeso ay tanyag sa lahat ng dakong kilala ng daigdig dahil sa maringal na templo nito na itinayo bilang parangal sa paganong Romanong diyus-diyusan na si Diana. Ngayon ay guho na, ang Efeso ay minsang naging kabisera ng lalawigan ng Romano ng Asia at isa itong malaking sentro ng kalakal. Ang mga panday-pilak ng lunsod ay unti-unting umunlad sa pangangalakal sa paglalako ng imahen ni Diana.

*Mahahalagang Pangyayari:* Dinalaw ni Apostol Pablo ang Efeso nang malapit ng matapos ang kanyang ikalawang paglalakbay bilang misyonero (Gawa 18:18–19). Sa kanyang ikatlong paglalakbay siya ay namalagi sa lunsod sa loob ng dalawang taon. Napilitan siyang lumisan dahil sa pagkakagulo na likha ng mga panday-pilak na nawawalan ng hanapbuhay dahil sa pangangaral ni Pablo laban sa pagsamba sa diyus-diyusang si Diana (Gawa 19:1, 10, 23–41; 20:1). Ang dulaan sa Efeso noon ang pinakamalaking naitayo ng mga Griyego at ang pook kung saan ang mga kasama ni Pablo ay humarap sa mga mandurumog (Gawa 19:29–31). Lumiham si Pablo sa mga kasapi ng Simbahan sa Efeso habang siya ay bihag sa Roma. Isa sa pitong sangay ng Simbahan sa Asia kung saan ang aklat ng Apocalipsis ay ipinatutungkol ay matatagpuan sa Efeso (Apoc. 1:10–11; 2:1).

**32. Pulo ng Patmos**

Isang pulo sa Dagat Aegea kung saan nawala si Juan (Apoc. 1:9). Ayon sa kaugalian, siya ay naghanap-buhay doon sa tibagan ng marmol.

*Mahalagang Pangyayari:* Nakita ni Juan ang dakilang pangitain na kilala bilang Apocalipsis (aklat ng Apocalipsis). Sinabi ng Panginoon sa kanya na ipadala ito sa pitong simbahan sa Asia (Apoc. 1:11).

Ang mga sumusunod na mapa ay makatutulong sa inyo upang higit na maunawaan ang mga banal na kasulatan. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kaalaman sa heograpiya ng mga lupaing tinatalakay sa mga banal na kasulatan, higit ninyong mauunawaan ang mga pangyayari sa banal na kasulatan.


1. PISIKAL NA MAPA NG BANAL NA LUPAIN
2. EXODO NG ISRAEL MULA EGIPTO AT PAGPASOK SA CANAAN
3. ANG PAGKAKAHATI NG 12 LIPI
4. ANG IMPERYO NINA DAVID AT SOLOMON
5. ANG IMPERYO NG ASIRIA
6. ANG BAGONG IMPERYO NG BABILONIA (Nabucodonosor) AT ANG KAHARIAN NG EGIPTO
7. ANG IMPERYO NG PERSIA
8. ANG IMPERYO NG ROMA
9. ANG DAIGDIG NG LUMANG TIPAN
10. CANAAN NOONG PANAHON NG LUMANG TIPAN
11. ANG BANAL NA LUPAIN NOONG PANAHON NG BAGONG TIPAN
12. JERUSALEM NOONG KAPANAHUNAN NI JESUS
13. ANG MGA PAGLALAKBAY NI APOSTOL PABLO BILANG MISYONERO
14. ANG TAAS AT LALIM NG BANAL NA LUPAIN SA KAPANTAYAN NG DAGAT NOONG PANAHON NG BIBLIA



Ang alpabetikong talatuntunan ng mga pangalan ng lugar ay makatutulong sa inyo na matagpuan ang isang lugar sa mga mapa. Napapaloob sa bawat tala ang bilang ng mapa na sinusundan ng sanggunian na binubuo ng pinagsamang titik-bilang. Halimbawa, ang tala para sa Rabba (Amman) sa unang mapa ay 1:D5; ito nga ay, mapa 1, parisukat D5. Matutukoy ninyo ang tiyak na parisukat sa bawat mapa sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga pagtutugma sa itaas at gilid ng mapa. Ang mga iba pang katawagan sa mga lugar ay nasusulat sa loob ng panaklong; halimbawa, Rabba (Amman). Ipinahihiwatig ng tandang pananong na kasunod ng pangalan sa mapa na ang lugar na ipinakikilala sa mapa ay maaari o malamang na naroroon subalit hindi pa tiyak.

Ang mga sumusunod ay susi sa pag-unawa sa iba't ibang tanda at titik na ginamit sa mga mapa. Bilang karagdagan, ang bawat mapa ay nalalakipan ng mga susing paliwanag sa mga dagdag na tanda na nauukol lamang sa mismong mapang yaon.

| | |
|---|---|
| ● | Isang pulang tuldok na sumasagisag sa isang lunsod o bayan. Isang guhit ang paminsan-minsang nakaturo magmula sa tuldok sa pangalan ng isang lunsod o lugar. |
| ▲ | Isang maliit na itim na tatsulok na sumasagisag sa isang bundok. |
| *Patay na Dagat* | Ang titik na ito ay ginagamit para sa mga heograpikong lugar na tulad ng mga karagatan, lawa, ilog, bundok, ilang, lambak, disyerto, at pulo. |
| Jerusalem | Ang titik na ito ay ginagamit para sa lahat ng lunsod at bayan (at para sa mga detalyadong lugar sa mapa ng lunsod ng Jerusalem). |
| MOAB | Ang titik na ito ay ginagamit para sa mas maliliit na pagkakahating politikal na tulad ng mga rehiyon, tao, at lipi. |
| J U D E A | Ang titik na ito ay ginagamit para sa mas malalaking pagkakahating politikal na tulad ng mga bansa, bayan, at lupalop. |

HALIMBAWANG MAPA

GABAY NA MAPA



Abana, ilog ng, 1:D1
Abilinia, dako ng, 11:D1
Acaba, Golpo ng, 2:D4
Acaya, lalawigan ng Romano, 8:C2, 13:D2
Accad (Akkad), dako ng, 9:G2
Acho (Acco, Tolemaida), 1:B3, 3:A3, 4:C3, 10:B2, 11:B3
Adria, Dagat ng (Adriatico), 8:B2
Ahas, Lawa ng, sa Jerusalem, 12:A6
Ajalon, 1:B5, 10:B5, 11:B5
Akkad (Accad), dako ng, 9:G2
Alat (Patay na Dagat), Dagat na, 1:C6, 2:D1, 3:B5, 4:D5, 9:D4
Alejandrino, 8:C3, 13:F4
Amalek, dako ng, 4:C6
Amman (Rabba), 1:D5, 10:D5, 14:D2
Ammon, dako ng, 1:D6, 3:B5, 4:D4, 10:D6
Antioquia, sa Pisidia, 13:F2
Antioquia, sa Siria, 8:C3, 13:H2
Antonia, Muog ng, sa Jerusalem, 12:C3
Appio, Pamilihan ng, 13:B1
Araba (Lambak ng Rift), 1:B8, 2:D2, 4:C7, 10:C8
Arabia, 5:C3, 8:D4
Arabia, Disyerto ng, 9:F3
Arad, 2:D1, 3:A5, 4:C5
Aral, Dagat ng, 5:D1, 6:D1, 7:C2
Aram-Damasco, dako ng, 4:D2
Ararat, Bundok ng, 9:F1
Argob, dako ng, 4:D3
Arimatea, 11:B5
Arnon, 2:D1
Arnon, ilog ng, 1:C7, 3:B5, 4:D5, 10:C7, 11:C7
Ascalon (Ashkelon), 11:A6
Asdod (Azoto), 1:A6, 3:A5, 4:C5, 10:A6
Aser, lipi, 3:A3
Ashkelon (Ascalon), 1:A6, 3:A5, 4:C5, 10:A6, 11:A6
Asia, lalawigan ng Romano, 8:C2, 13:F2
Asiria, 9:F2
Asiria, Imperyo ng, 5:C3
Assur, 5:C3, 9:F2
Atenas, 6:A2, 7:A2, 8:C2, 13:D2
Azoto, 11:A6

Babel (Sinar), 9:G3
Babilonia, 5:C3, 6:C3, 7:B3, 9:F3
Babilonia, dako ng, 9:F3
Babilonia, Imperyo ng, Bago, 6:C3
Basan, dako ng, 1:C3, 10:C2
Beer-sheba, 1:B7, 2:C1, 3:A5, 4:C6, 9:D4, 10:B7, 11:B8
Benjamin, lipi, 3:A5
Berea, 13:D1
Besor, ilog ng, 1:A7, 10:A7, 11:A8
Betabara, 11:C6
Betania, 11:B6
Betania, Daan patungo sa, 12:D5
Betel (Luz), 3:A5, 4:C5, 10:B5, 11:B6
Betesda, Lawa ng, sa Jerusalem, 12:C3
Betfage, 11:B6
Bethsaida, 11:C3
Beth-san, 3:B4, 4:D4, 10:C4
Betlehem, 1:B6, 3:A5, 4:C5, 10:B6, 11:B6
Betlehem, Daan patungo sa, 12:A7
Bezeta, 12:B2
Bitinia, dako ng, 13:F1
Bozra, 3:B6, 4:D6
Britania, dako ng, 8:A1
Burol na Bayan ng Judea, 14:B2

Cades-barnea, 2:C2, 3:A6, 4:C6
Caifas, Bahay ni, sa Jerusalem, 12:B6
Cana, 11:C3
Canaan, dako ng, 2:C1, 9:D3
Capadocia, dako ng, 13:H2
Capernaum, 11:C3
Caphtor (Creta), pulo, 9:A3
Carchemis, 5:B2, 6:B2, 9:D2
Carmelo, Bundok ng, 1:B3, 3:A3, 4:C3, 10:B3, 11:B3
Carthage, 8:B3
Caspea, Dagat ng, 5:C1, 6:C1, 7:B2, 8:D2, 9:G1
Caucasus, mga bundok ng, 5:C1, 8:D2, 9:F1
Cesarea ni Filipo, 11:C2
Cesarea, 11:B4, 13:H3
Chio, pulo, 13:E2
Chipre (Cittim), pulo, 8:C3, 9:C3, 13:G3
Cidron, Lambak ng, sa Jerusalem, 12:D6
Cilicia, dako ng, 13:G2
Cinnereth, Dagat ng, 1:C3, 3:B3, 4:D3, 9:D3, 10:C3, 11:C3
Cirene, 13:D3
Cison, ilog ng, 1:B3, 10:B3, 11:B3
Cittim (Chipre), pulo, 9:C3
Cnidus, pulo, 13:E2
Corazin, 11:C3
Corinto, 13:D2

Creta (Caphtor), pulo, 8:C3, 9:A3, 13:D3

Dacia, dako ng, 8:C2
Damasco, 1:D1, 3:B2, 4:D2, 9:D3, 10:D1, 11:D1, 13:H3
Dan (Lais), 1:C2, 3:B3, 4:D3, 10:C2
Dan, lipi, 3:B3, 3:A5
Decapolis, dako ng, 11:C4
Derbe, 13:G2
Dibon, 2:D1
Dofkah, 2:C4
Dor, 3:A4, 4:C4
Dotan, 10:B4
Dura, Kapatagan ng, 9:F2

Ebal, Bundok ng, 1:B4, 3:A4, 4:C4, 10:B4, 11:B5, 14:B6
Ecron, 1:B6, 10:A6
Edom, dako ng, 1:C8, 2:D2, 3:B6, 4:D7, 10:C8
Efeso, 8:C2, 13:E2
Egipto, dako ng, 2:A3, 5:B4, 7:A4, 8:C4, 9:C4, 13:F4
Egipto, Ilog ng, 2:C2
Egipto, Kaharian ng, 6:A3
Ela, 1:A6, 10:B6, 11:B6
Elam, dako ng, 5:C3, 6:C3, 7:C3, 9:H3
Elim, 2:C3
Emaus, 11:B6
Emaus, Daan patungo sa, 12:A4
Endor, 10:C3
Engedi, 4:D5, 10:C7
Enon, 11:C4
Enrogel, Bukal ng, 12:C7
Ephraim, lipi, 3:A4
Esdraelon, Lambak ng, 1:B3, 10:B3
Esion-geber, 2:D3, 3:A8, 4:C8, 9:D4
Etham, Ilang ng, 2:B3
Eufrates, ilog ng, 5:B3, 6:C3, 8:D3, 9:E2

Filadelfia, 11:D6
Filipos, 13:D1
Filistea, dako ng, 4:C5
Filistea, Kapatagan ng, 1:A6, 10:A6
Filisteo, mga tao, 2:C2
Frigia, dako ng, 13:F2

Gabaon, 10:B5
Gad, lipi, 3:B4
Gadara, 11:C4
Galaad, dako ng, 1:C4, 10:C4
Galacia, dako ng, 13:G1
Galilea, Dagat ng (Cinnereth), 1:C3, 3:B3, 4:D3, 9:D3, 10:C3, 11:C3, 14:B7
Galilea, Itaas, dako ng, 1:C2
Gath, 3:A5, 4:C5, 10:A6
Gath-heper, 10:B3
Gaul, dako ng, 8:A1
Gaza, 1:A6, 2:C1, 3:A5, 4:C5, 10:A7, 11:A7, 13:H4
Gerar, 10:A7
Galilea, dako ng, 11:C2
Galilea, Ibaba, dako ng, 1:C3
Gerar, ilog ng, 1:A7, 10:A7, 11:A7
Gerizim, Bundok ng, 1:B5, 3:A4, 4:C4, 10:B5, 11:B5, 14:B6
Germania, dako ng, 8:B1
Geshur, dako ng, 4:D3
Getsemani, Halamanan ng, sa Jerusalem, 12:D4
Gezer, 4:C5
Gibea, 4:C5
Gihon, Bukal ng, sa Jerusalem, 12:D6
Gilboa, Bundok ng, 1:C4, 3:B4, 10:C4, 11:C4, 14:C6
Gilgal, 1:C5, 2:D1, 4:D5
Golgota, sa Jerusalem, 12:B3
Golpo ng Persia (Ibabang Dagat), 9:H3
Gomorra, dako ng Sodoma at, 10:C8
Gosen, dako ng, 2:A2, 9:C4
Grecia, 7:A2

Hai, 2:D1, 10:B5
Haran (Padan-aram), 9:E2
Hasmonea, Palasyo ng, sa Jerusalem, 12:C5
Hazor, 3:B3, 4:D3, 10:C2
Hebron, 1:B6, 2:D1, 3:A5, 4:C5, 10:B7, 11:B7
Hebron, Daan patungo sa, 12:A7
Heliopolis (On), 2:A3
Hermon, Bundok ng, 1:C1, 3:B2, 4:D2, 10:C1, 11:D1, 14:D5
Herodes, Palasyo ni, sa Jerusalem, 12:B5
Hesbon, 4:D5
Hetheo, mga tao, 9:D2
Heveo, mga tao, 3:B2
Himpilan sa Ilang, mga, 2:C4
Hinnom, Lambak ng, sa Jerusalem, 12:B7
Hispania, dako ng, 8:A2
Hor, Bundok ng, 2:D2
Horeb (Bundok ng Sinai), 2:C4, 9:D4
Horeo, mga tao, 9:E2
Horma, 2:D1, 4:C6
Huleh (Mga Tubig ng Merom), Lawa ng, 10:C2, 14:C6
Huleh, Lambak ng, 1:C2, 11:C2

Ibabang Dagat (Silangang Dagat, Golpo ng Persia), 5:C4, 6:C4, 7:B4, 8:D3, 9:H3
Iconio, 13:G2
Idumea, dako ng, 1:B7, 10:B7, 11:B7
Indus, Ilog, 7:D4
Isda, Pintuang-bayan ng mga, sa Jerusalem, 12:B3
Israel, dako ng, 4:C4
Israel, Lawa ng, sa Jerusalem, 12:C4
Issachar, lipi, 3:B4
Itaas (Malaki, Mediterania) ng Dagat, 7:A3, 9:B3
Italya, lalawigan ng Romano, 8:B2, 13:A1
Itim, Dagat na, 5:B1, 6:B1, 7:A2, 8:C2, 9:B1, 13:F1

Jabes-galaad, 3:B4
Jabok, ilog, 1:C5, 3:B4, 4:D4, 10:C5, 11:C5
Jerico, 1:C5, 2:D1, 3:B5, 4:D5, 10:C5, 11:C6, 14:A7, 14:C3
Jerico, Daan patungo sa, 12:D5
Jerusalem (Salem), 1:B6, 2:D1, 3:A5, 4:C5, 5:B3, 6:B3, 7:A3, 8:C3, 9:D3, 10:B6, 11:B6, 13:H3, 14:B2, 14:B6
Jerusalem, Ibabang Lunsod, 12:C6
Jerusalem, Itaas na Lunsod, 12:B6
Jezreel (Esdraelon), Lambak ng, 1:B3, 10:B3
Jezreel, 4:D4, 10:B4
Joppe, 1:A5, 3:A4, 4:C4, 10:A5, 11:A5, 13:H3
Joppe, Daan patungo sa, 12:A4
Jordan, Ilog, 1:C5, 2:D1, 3:B4, 4:D4, 10:C5, 11:C5
Juda, dako ng, 5:B3, 10:B7
Juda, lipi, 3:A5
Judea, dako ng, 1:B6, 11:B7
Judea, Ilang ng, 1:B7, 11:B7

Kabilang Ibayo ng Jordan, Mga talampas sa Silangan ng, 14:D2
Kir-hareset, 10:C7

Lachis, 1:A6, 3:A5, 4:C5, 10:A6
Lais (Dan), 10:C2
Laodicea, 13:F2
Libano, Mga Bundok ng, 1:C1, 10:C1, 11:C1
Libia, 8:B3, 13:C4
Libia, Disyerto ng, 9:B4
Libingan sa Halamanan, sa Jerusalem, 12:B3
Licia, dako ng, 13:F2
Lidia, dako ng, 13:E2
Listra, 13:G2
Litani, ilog ng, 1:C1, 10:C1, 11:C2
Luz (Betel), 10:B5

Mabubuting Daungan, daungan, 13:E3
Macedonia, dako ng, 7:A2, 8:C2, 13:D1
Machaerus, 11:C7
Madian, dako ng, 2:D4, 9:D4
Madian, Imperyo ng, 6:D3
Maganda, Pintuang-bayan na, 12:C4
Magdala, 11:C3
Mahanaim, 10:C4
Maharlikang Portiko, sa Jerusalem, 12:C5
Malaking (Mediterania, Itaas) Dagat, 1:A4, 2:B1, 3:A4, 4:C4, 5:A3, 6:A3, 7:A3, 9:B3, 10:A5, 11:A6, 13:D3, 14:A2, 14:A6
Malta, pulo, 13:B3
Manases, lipi, 3:A4, 3:B3
Mara, 2:B3
Mare Internum (Malaki, Mediterania, Itaas na Dagat), 8:B3
Medeba, 4:D5
Mediterania, Dagat ng (Malaki, Itaas), 1:A4, 2:B1, 3:A4, 4:C4, 5:A3, 6:A3, 7:A3, 8:B3, 9:B3, 10:A5, 11:A6, 13:D3, 14:A2, 14:A6
Mediterania, Dagat ng, lalim ng, 14:A2, 14:A6
Megiddo, 1:B3, 3:A4, 4:C4, 6:B3, 9:D3, 10:B3
Melita (Malta), pulo, 13:B3
Memphis (Nof), 2:A3, 5:B3, 6:B3, 7:A3, 8:C3
Mesopotamia, 8:D3, 9:E2
Micanae, 5:A2
Mileto, 13:E2
Mira, 13:F2
Misia, dako ng, 13:E2
Moab, dako ng, 1:C7, 2:D1, 3:B6, 4:D6, 10:C7
Moab, Kapatagan ng, 1:C6, 11:C6
Moreh, Burol ng, 1:C3, 10:B3
Moriah, Bundok ng, 14:B6

Nabatea, dako ng, 11:C8
Nain, 11:C4
Nazaret, 1:B3, 11:B3
Nebo, Bundok ng, 1:C6, 2:D1, 3:B5, 4:D5, 10:C6, 11:C6
Negev, dako ng, 1:A8, 10:A8
Nepthali, lipi, 3:B3
Nilo Delta, 2:A2, 9:C4
Nilo, ilog, 2:A3, 5:B4, 6:B4, 7:A4, 8:C4, 9:C4
Ninive, 5:C2, 9:F2

Nof (Memphis), 2:A3

Olibo, Bundok ng mga, 1:B6, 10:B6, 11:B6, 12:D4, 14:B6
On (Heliopolis), 2:A3, 9:C4

Padan-aram (Haran), 9:E2
Pafos, 13:G3
Pamfilia, dako ng, 13:F2
Paran, Ilang ng, 2:C3
Partenon, Imperyo ng, 8:D3
Patay na Dagat (Dagat na Alat), 1:C6, 2:D1, 3:B5, 4:D5, 9:D4, 10:C6, 11:C7, 14:A7, 14:C3
Patay na Dagat, Daan patungo sa, 12:C8
Patay na Dagat, ilalim ng, 14:C3
Patay na Dagat, lalim ng, 14:A7, 14:C3
Patmos, pulo, 13:E2
Penuel, 10:C4
Perea, 11:C5
Perga, 13:F2
Pergamo, 13:E2
Persia, 5:D4, 6:D4
Pharpar, ilog ng, 1:D1, 10:D1, 11:D2
Phithom, 2:B2
Phoenicia, dako ng, 1:C1, 4:D2, 9:D3, 10:B1, 11:B2, 13:H3
Pi-hahiroth, 2:B3
Pisidia, dako ng, 13:F2
Ponto, dako ng, 13:G1
Portiko ni Solomon, sa Jerusalem, 12:D4
Pula, Dagat na, 2:D4, 5:B4, 6:B4, 7:B4, 8:C4, 9:D4
Puteoli, 13:B1

Rabba (Amman), 1:D5, 3:B5, 10:D5, 14:D2
Rameses (Tanis), 2:B2
Ramoth-galaad, 3:B4, 4:D4
Regio, 13:B2
Rephidim, 2:C4
Rodas, pulo, 9:B3, 13:E3
Roma, 8:B2, 13:A1
Ruben, lipi, 3:B5

Salamina, 13:G3
Salem (Jerusalem), 9:D3
Salim, 11:C4
Samaria, 1:B4, 5:B3, 10:B4, 11:B5, 13:H3
Samaria, Daan patungo sa, 12:B1
Samaria, dako ng, 1:B4, 10:B4, 11:B4
Samotracia, pulo, 13:E1
Sarepta, 11:B1
Sarmatia, dako ng, 8:C1
Saron, Kapatagan ng, 1:B4, 10:B4, 11:B5
Shephelah, 1:B6, 10:B6, 14:B2
Shur, Ilang ng, 2:B2
Sicar, 11:B5
Sichem, 3:A4, 4:C4, 10:B4
Siclag, 4:C5
Sidon, 1:C1, 3:A2, 4:D2, 9:D3, 10:C1, 11:C1, 13:H3
Silangang (Ibaba) Dagat, 5:C4, 6:C4
Silangang Ilang, 2:D3
Silid sa Itaas, sa Jerusalem, 12:B6
Silo, 3:A4, 4:D4, 10:B5
Siloe, Lawa ng, sa Jerusalem, 12:C7
Simeon, lipi, 3:A6
Sin, Ilang ng, 2:C4
Sinai, Bundok ng (Horeb), 2:C4, 9:D4
Sinai, Ilang ng, 2:C4
Sinai, Peninsula ng, 2:C3
Sinar (Babel), 9:G3
Sion, Bundok ng, 14:B6
Siracusa, 13:B2
Siria, dako ng, 6:B3, 8:C3, 9:D3, 11:C2, 13:H3
Smirna, 13:E2
Sodoma at Gomorra, dako ng, 10:C8
Sorek, ilog ng, 1:B6, 10:B6, 11:B6
Sparta, 6:A2, 7:A2
Succoth, sa Egipto, 2:B2
Succoth, sa Israel, 3:B4, 4:D4
Suez, Golpo ng, 2:B3
Susa (Susan), 6:C3, 7:B3, 9:G3
Susa, Pintuang-bayan ng, sa Jerusalem, 12:D4
Susan (Susa), 6:C3, 7:B3, 9:G3

Tabor, Bundok ng, 1:C3, 3:B4, 4:D4, 10:C3, 11:C3, 14:C6
Tanis (Rameses), 2:B2
Tarso, 13:G2
Tekoa, 10:B6
Templo, sa Jerusalem, 12:C4
Templo, Taluktok ng, sa Jerusalem, 12:D5
Templo, Mga baitang patungong, sa Jerusalem, 12:D5
Thebes, 5:B4, 6:B4, 7:A4, 8:C4
Tesalonica, 8:C2, 13:D1
Tatlong Bahay-tuluyan, 13:B1
Tiberias, 11:C3
Tigris, ilog ng, 5:C2, 6:C2, 8:D3, 9:G3
Tiro, 1:B2, 3:A3, 4:C3, 9:D3, 10:B1, 11:B2, 13:H3
Tolemaida (Acco, Acho), 1:B3, 11:B3, 13:H3

Tore, Lawa ng mga, sa Jerusalem, 12:B5

Troas, 6:A2, 7:A2, 13:E2

Troy, 9:B2

Tubig ng Merom, mga (Lawa ng Huleh), 10:C2

Tubig, Pintuang-bayan ng mga, sa Jerusalem, 12:C7

Tunel ni Ezechias, sa Jerusalem, 12:C6

Tupa, Pintuang-bayan ng mga, sa Jerusalem, 12:C4

Ur, 5:C3, 9:E2, 9:G3


Urartu, dako ng, 9:E1

Yarmuk, ilog ng, 1:C3, 10:C3, 11:C3

Zabulon, lipi, 3:A3

Zered, ilog, 1:C8, 2:D2, 3:B6, 4:D6, 10:C8, 11:C8

Zin, Ilang ng, 2:C2




## MGA MAPANG MAY KINALAMAN SA BIBLIA

Ang mga sumusunod na mapa ay inilaan upang makatulong sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan at inihanda upang makadagdag sa mga paglalahad na napapaloob sa mga tagubilin sa mga kurso sa Simbahan.

Ang mga balangkas sa itaas ng mapa ang tumutukoy kung saan nakatuon ang bawat mapang may bilang na kasunod nito. Ang mga mapang ito ay binubuo ng malalaking rehiyon at maging ng mga natatakdaang dakong heograpiko.

**MAPA 1** PISIKAL NA MAPA NG BANAL NA LUPAIN

**MAPA 2** EXODO NG ISRAEL MULA EGIPTO AT PAGPASOK SA CANAAN

**MAPA 3** ANG PAGKAKAHATI NG 12 LIPI

**MAPA 4** ANG IMPERYO NINA DAVID AT SOLOMON

**MAPA 5** ANG IMPERYO NG ASIRIA

**MAPA 6** ANG BAGONG IMPERYO NG BABILONIA (Nabucodonosor) AT ANG KAHARIAN NG EGIPTO

**MAPA 7** ANG IMPERYO NG PERSIA

**MAPA 8** ANG IMPERYO NG ROMA

**MAPA 9** ANG DAIGDIG NG LUMANG TIPAN

**MAPA 10** CANAAN NOONG PANAHON NG LUMANG TIPAN

**MAPA 11** ANG BANAL NA LUPAIN NOONG PANAHON NG BAGONG TIPAN

**MAPA 12** JERUSALEM NOONG KAPANAHUNAN NI JESUS

**MAPA 13** ANG MGA PAGLALAKBAY NI APOSTOL PABLO BILANG MISYONERO

**MAPA 14** ANG TAAS AT LALIM NG BANAL NA LUPAIN SA KAPANTAYAN NG DAGAT NOONG PANAHON NG BIBLIA


# PISIKAL NA MAPA NG BANAL NA LUPAIN

**MAPA 1**



# EXODO NG ISRAEL MULA EGIPTO AT PAGPASOK SA CANAAN

**MAPA 2**




1. **Rameses** Itinaboy ang Israel palabas ng Egipto (Ex. 12; Blg. 33:5).
2. **Succoth** Matapos lisanin ng mga Hebreo ang unang himpilang ito, sila ay pinatnubayan ng Panginoon sa pamamagitan ng isang ulap sa umaga at ng haligi ng apoy sa gabi (Ex. 13:20–22).
3. **Pi-hahiroth** Tinawid ng Israel ang Dagat na Pula (Ex. 14; Blg. 33:8).
4. **Mara** Pinagaling ng Panginoon ang mga tubig ng Mara (Ex. 15:23–26).
5. **Elim** Humimpil ang Israel sa lugar ng 12 bukal ng tubig (Ex. 15:27).
6. **Ilang ng Sin** Ipinadala ng Panginoon ang mana at pugo upang ipakain sa Israel (Ex. 16).
7. **Rephidim** Nakidigma ang Israel sa Amalek (Ex. 17:8–16).
8. **Bundok ng Sinai (Bundok ng Horeb o Jebel Musa)** Inihayag ng Panginoon ang Sampung Utos (Ex. 19–20).
9. **Ilang ng Sinai** Itinayo ng Israel ang tabernakulo (Ex. 25–30).
10. **Mga Himpilan sa Ilang** Pitumpung elder ang tinawag upang tulungan si Moises na pamunuan ang mga tao (Blg. 11:16–17).
11. **Esion-geber** Tinawid ng Israel ang mga lupain ng Esau at Ammon nang mapayapa (Deut. 2).
12. **Cades-barnea** Nagsugo si Moises ng mga tiktik sa lupang pangako; naghimagsik ang Israel at hindi nakapasok sa lupain; ang Cades ay nagsilbing punong himpilan ng Israel sa loob ng maraming taon (Blg. 13:1–3, 17–33; 14; 32:8; Deut. 2:14).
13. **Silangang Ilang** Iniwasan ng Israel na makipaglaban sa Edom at Moab (Blg. 20:14–21; 22–24).
14. **Ilog Arnon** Nilipol ng Israel ang mga Amorrheo na nakidigma sa kanila (Deut. 2:24–37).
15. **Bundok ng Nebo** Tinanaw ni Moises ang lupang pangako (Deut. 34:1–4). Ibinigay ni Moises ang kanyang tatlong huling pangaral (Deut. 1–32).
16. **Kapatagan ng Moab** Sinabi ng Panginoon sa Israel na paghati-hatian ang lupain at kunin ang pag-aari ng mga naninirahan (Blg. 33:50–56).
17. **Ilog Jordan** Tinawid ng Israel ang Ilog Jordan na tuyo ang lupa. Malapit sa Gilgal, naglagay ng mga bato mula sa kailaliman ng Ilog Jordan bilang sagisag ng pagkakahawi ng mga tubig ng Jordan (Jos. 3–5:1).
18. **Jerico** Sinakop at winasak ng mga anak ni Israel ang lunsod (Jos. 6).

# ANG PAGKAKAHATI NG 12 LIPI; ANG IMPERYO NINA DAVID AT SOLOMON



A B C D







1 2 3 4 5 6 7 8

## ANG IMPERYO NG ASIRIA

**MAPA 5**

HUMIGIT-KUMULANG 721 B.C. (II MGA HARI 17:1-6)




## ANG BAGONG IMPERYO NG BABILONIA (Nabucodonosor) AT ANG KAHARIAN NG EGIPTO

**MAPA 6**


HUMIGIT-KUMULANG 600-586 B.C. (II MGA HARI 24-25)



## ANG IMPERYO NG PERSIA

**MAPA 7**

537-440 B.C. (ESTHER; EZRA; NEHEMIAS)





## ANG IMPERYO NG ROMA

**MAPA 8**

HUMIGIT-KUMULANGANGPAGSILANGNIJESUCRISTO



MAPA 9


Dagat ng Caspea
Caucasus
Bundok ng Ararat?
1
URARTU
HOREO
Ur?
ASIRIA
6
Ninive
7
Assur
MESOPOTAMIA
Haran (Padan-aram)
8
Ilog Eufrates
Carchemis
9
HETHEO
Dagat na Itim
Troy
Kapatagan ng Dura
5
ACCAD (AKKAD)
Babilonia
Babel (Sinar)
3
Ilog Tigris
BABILONIA
Ur?
2
Susan (Susa)
4
ELAM
Ibabang Dagat (Golpo ng Persia)
Disyerto ng Arabia
SIRIA
Damasco
12
PHOENICIA
Sidon
10
Tiro
11
Dagat ng Cinnereth (Dagat ng Galilea)
Megiddo
13
CANAAN
Jerusalem (Salem)
Dagat na Alat (Patay na Dagat)
Beer-sheba
MADIAN
Esion-geber
15
Bundok ng Sinai? (Horeb)
14
Dagat na Pula
Cittim (Chipre)
GOSEN
On
16
EGIPTO
Nilo Delta
Nilo
Malaki o Itaas na Dagat (Dagat ng Mediterania)
Disyerto ng Libia
Rodas
Caphtor (Creta)
17
H
A
B
C
D
E
F
G
H
1
2
3
4
Mga Kilometro
0
100
200
300
400

1. **Bundok ng Ararat** Ang kinaugaliang pook kung saan lumapag ang arko ni Noe (Gen. 8:4). Ang mismong lugar ay hindi alam.
2. **Ur** Unang tirahan ni Abraham, kung saan muntik na siyang ialay bilang hain, nakita ang anghel ni Jehova, at tinanggap ang Urim at Tummim (Gen. 11:28–12:1; Abr. 1; 3:1). (Mapapansin din ang isang pook na maaaring kinaroroonan ng Ur sa hilagang Mesopotamia.)
3. **Babilonia, Babel (Sinar)** Unang tinuluyan ni Cush na anak ni Ham, at gayon din ni Nimrod. Dakong orihinal na pinagmulan ng mga Jaredita noong panahon ng Tore ng Babel sa mga kapatagan ng Sinar. Di naglaon ay naging kabiserang lalawigan ng Babilonia at tirahan ng mga hari ng Babilonia, kabilang na si Nabucodonosor na bumihag at nagdala sa mga Judio sa lunsod na ito kasunod ng pagkawasak ng Jerusalem (587 B.C.). Ang mga Judio ay nanatiling mga bihag sa Babilonia sa loob ng 70 taon hanggang sa dumating ang kapanahunan ni Haring Ciro, na siyang nagpahintulot sa mga Judio na magsibalik sa Jerusalem at itayong muli ang templo. Dito rin nanirahan ang propetang si Daniel sa ilalim nina Nabucodonosor, Belsasar, at Dario I (Gen. 10:10; 11:1–9; II Hari 24–25; Jer. 27:1–29:10; Ez. 1:1; Dan. 1–12; Omni 1:22; Eter 1:33–43).
4. **Susan (Susa)** Kabiserang lunsod ng Imperyo ng Persia sa ilalim ng paghahari nina Dario I (Ang Dakilang Dario), Xerxes (Assuero), at Artaxerxes. Tirahan ni Reyna Esther, na ang tatag ng loob at pananampalataya ang nagligtas sa mga Judio. Di naglaon sina Daniel at Nehemias ay naglingkod dito (Neh. 1:1; 2:1; Est. 1:1; Dan. 8:2).
5. **Kapatagan ng Dura** Sina Sadrach, Mesach, at Abednego ay itinapon sa nagniningas na hurno nang tumanggi silang sumamba sa isang ginintuang larawan na ipinagawa ni Nabucodonosor; iniligtas sila ng Anak ng Diyos, at sila ay nagsilabas sa hurno nang hindi nasaktan (Dan. 3).
6. **Asiria** Assur ang unang kabisera ng Asiria, na sinundan ng Ninive. Sinakop ng mga pinuno ng Asiria na sina Salamanasar V at Sargon II ang Hilagang Kaharian ng Israel at dinalang bihag ang 10 lipi noong 721 B.C. (II Hari 14–15, 17–19). Naging banta ang Asiria sa Juda hanggang sa sumapit ang 612 B.C. nang masakop ng Babilonia ang Asiria.
7. **Ninive** Ang kabisera ng Asiria. Sinalakay ng Asiria ang lupain ng Juda noong panahon ng paghahari ni Ezechias at ministeryo ni propetang Isaias. Ang Jerusalem, na kabiserang lunsod ng Juda, ay mahimalang naligtas nang patayin ng isang anghel ang 185,000 kawal ng Asiria (II Hari 19:32–37). Sinabi ng Panginoon kay propetang Jonas na tawagin ang lunsod na ito na magsisi (Jonas 1:2; 3:1–4).
8. **Haran** Dito namuhay si Abraham nang ilang panahon bago nagtungo sa Canaan. Ang ama at kapatid ni Abraham ay nanatili rito. Sa pook na ito nagmula si Rebeca (asawa ni Isaac), at sina Raquel, Lea, Bilha, at Zilpa (mga asawa ni Jacob) (Gen. 11:31–32; 24:10; 29:4–6; Abr. 2:4–5).
9. **Carchemis** Si Faraon Nechao ay tinalo rito ni Nabucodonosor, na nagbigay-wakas sa kapangyarihan ng mga taga-Egipto sa Canaan (II Cron. 35:20–36:6).
10. **Sidon** Ang lunsod na ito ay itinayo ni Sidon, na apo ni Ham, at ito ang pinaka-hilagang lunsod ng mga Cananeo (Gen. 10:15–20). Ito ang bayan ni Jezabel, na siyang nagpakilala sa pagsamba kay Baal sa Israel (I Hari 16:30–33).
11. **Tiro** Ito ay mahalagang lugar ng kalakalan at daungang-dagat sa Siria. Si Hiram ng Tiro ay nagpadala ng sedro at ginto at mga manggagawa upang tulungan si Solomon sa pagtatayo ng kanyang templo (I Hari 5:1–10, 18; 9:11).
12. **Damasco** Sa malapit dito iniligtas ni Abraham si Lot. Ito ang pangunahing lunsod ng Siria. Noong panahon ng paghahari ni Haring David, nasakop ng mga Israelita ang lunsod. Pinahiran ng langis ni Elijah si Hazael upang maging hari sa Damasco (Gen. 14:14–15; II Sam. 8:5–6; I Hari 19:15).
13. **Canaan** Ipinagkaloob ang lupaing ito kay Abraham at sa kanyang mga anak bilang walang hanggang pag-aari (Gen. 17:8).
14. **Bundok ng Sinai (Horeb)** Kinausap ng Panginoon si Moises mula sa nagniningas na mababang punong kahoy (Ex. 3:1–2). Ibinigay kay Moises ang Batas at ang Sampung Utos (Ex. 19–20). Kinausap ng Panginoon si Elijah sa isang marahan at banayad na tinig (I Hari 19:8–12).
15. **Esion-geber** Si Haring Solomon ay nagtayo ng "mga sasakyang-dagat" sa Esion-geber (I Hari 9:26). Marahil sa daungang ito lumunsad ang reyna ng Sheba, nang marinig ang katanyagan ni Solomon, upang siya ay makita niya (I Hari 10:1–13).
16. **Egipto** Naglakbay patungo rito si Abraham dahil sa matinding taggutom sa Ur (Abr. 2:1, 21). Sinabi ng Panginoon kay Abraham na ituro sa mga taga-Egipto ang mga bagay na inihayag Niya sa kanya (Abr. 3:15). Ipinagbili si Jose ng kanyang mga kapatid bilang isang alipin (Gen. 37:28). Dito si Jose ay naging tagapamahala sa bahay ni Potiphar. Siya ay itinapon sa bilangguan. Binigyang-kahulugan niya ang panaginip ng Faraon at pinagkalooban ng mataas na katungkulan sa Egipto. Si Jose at ang kanyang mga kapatid ay muling nagkasama. Si Jacob at ang kanyang mag-anak ay lumipat dito (Gen. 39–46). Ang mga anak ni Israel ay nanirahan sa Gosen sa panahon ng kanilang pansamantalang pagtigil sa Egipto (Gen. 47:6).

    Ang mga Israelita ay nagsidami "at naging totoong makapangyarihan"; sa gayon sila'y inilagay sa pagkabihag ng mga taga-Egipto (Ex. 1:7–14). Matapos ang sunud-sunod na salot ay pinahintulutan ng Faraon ang Israel na lisanin ang Egipto (Ex. 12:31–41). Si Jeremias ay dinala sa Egipto (Jer. 43:4–7).
17. **Capthor (Creta)** Ang sinaunang lupain ng mga Minoan.

1. **Dan (Lais)** Si Jeroboam ay gumawa ng isang gintong guya upang sambahin ng Hilagang Kaharian (I Hari 12:26–33). Ang Dan ang kahilagaan ng sinaunang Israel.
2. **Bundok ng Carmelo** Hinamon ni Elijah ang mga saserdote ni Baal at binuksan ang kalangitan para sa ulan (I Hari 18:17–40).
3. **Megiddo** Isang lugar ng maraming pakikipaglaban (Huk. 4:13–16; 5:19; II Cron. 35:20–23; II Hari 23:29). Si Solomon ay nangalap ng mga manggagawa upang itayo ang Megiddo (I Hari 9:15). Si Haring Josias ng Juda ay malubhang nasugatan sa isang digmaan laban kay Faraon Nechao ng Egipto (II Hari 23:29–30). Sa Ikalawang Pagparito ng Panginoon, isang malaki at huling labanan ang magaganap sa Lambak ng Jezreel bilang bahagi ng digmaan ng Armagedon (Joel 3:14; Apoc. 16:16; 19:11–21). Ang pangalang *Armagedon* ay isang salitang Griyego na hango sa Hebreong Har Megiddon, o Bundok ng Megiddo.
4. **Jezreel** Ang pangalan ng isang lunsod sa pinakamalaki at pinakamayabong na lambak ng Israel na may gayon ding pangalan. Ang mga hari ng Hilagang Kaharian ay nagtayo rito ng isang palasyo (II Sam. 2:8–9; I Hari 21:1–2). Dito nanirahan at namatay ang masamang si Reyna Jezabel (I Hari 21; II Hari 9:30).
5. **Beth-san** Dito hinarap ng Israel ang mga Cananeo (Jos. 17:12–16). Ibinitin ang katawan ni Saul sa mga pader ng kutang ito (I Sam. 31:10–13).
6. **Dotan** Ipinagbili si Jose ng kanyang mga kapatid bilang isang alipin (Gen. 37:17, 28; 45:4). Nakakita si Eliseo ng isang pangitain ng bundok na puno ng mga kabayo at karo (II Hari 6:12–17).
7. **Samaria** Ang kabisera ng Hilagang Kaharian (I Hari 16:24–29). Nagtayo si Haring Achab ng isang templo para kay Baal (I Hari 16:32–33). Sina Elijah at Eliseo ay nagministeryo (I Hari 18:2; II Hari 6:19–20). Noong 721 B.C. ito ay nasakop ng mga taga-Asiria, na bumuo sa pagkakabihag sa 10 lipi (II Hari 18:9–10).
8. **Sichem** Nagtayo ng dambana si Abraham (Gen. 12:6–7). Nanirahan si Jacob sa malapit dito. Pinagpapatay nina Simeon at Levi ang lahat ng kalalakihan sa lunsod na ito (Gen. 34:25). Ang panghihikayat ni Josue na "piliin…sa araw na ito" na paglingkuran ang Diyos ay naganap sa Sichem (Jos. 24:15). Dito itinayo ni Jeroboam ang unang kabisera ng Hilagang Kaharian (I Hari 12).
9. **Bundok ng Ebal at Bundok ng Gerizim** Hinati ni Josue ang Israel sa dalawang bundok na ito—ang mga pagpapala ng batas ay ipinahayag mula sa Bundok ng Gerizim, samantalang ang mga sumpa ay mula sa Bundok ng Ebal (Jos. 8:33). Di naglaon nagtayo ang mga Samaritano ng templo sa Gerizim (II Hari 17:32–33).
10. **Penuel (Peniel)** Dito buong magdamag na nakipagbuno si Jacob sa isang mensahero ng Panginoon (Gen. 32:24–32). Winasak ni Gideon ang isang muog ng mga Midianita (Huk. 8:5, 8–9).
11. **Joppe** Naglayag si Jonas mula rito patungong Tarsis upang iwasan ang kanyang misyon sa Ninive (Jonas 1:1–3).
12. **Silo** Noong kapanahunan ng mga Hukom, ang kabisera ng Israel at ang tabernakulo ay dito matatagpuan (I Sam. 4:3–4).
13. **Betel (Luz)** Dito humiwalay si Abraham kay Lot (Gen. 13:1–11) at nagkaroon ng pangitain (Gen. 13; Abr. 2:19–20). Nagkaroon si Jacob ng pangitain tungkol sa isang hagdan na umaabot sa langit (Gen. 28:10–22). Ilang panahon ding nanatili ang tabernakulo rito (Huk. 20:26–28). Si Jeroboam ay gumawa ng isang ginintuang guya upang sambahin ng Hilagang Kaharian (I Hari 12:26–33).
14. **Gabaon** Ang mga taong Heveo na tagarito ay nadaya si Josue sa isang kasunduan (Jos. 9). Tumigil ang araw samantalang nanalo si Josue sa digmaan (Jos. 10:2–13). Ito rin ay isang pansamantalang lugar ng tabernakulo (I Cron. 16:39).
15. **Gaza, Asdod, Ashkelon, Ecron, Gath (ang limang lunsod ng mga Filisteo)** Sa mga lunsod na ito kadalasang nakikidigma ang mga Filisteo sa Israel.
16. **Betlehem** Si Raquel ay inilibing sa malapit dito (Gen. 35:19). Sina Ruth at Boaz ay nanirahan dito (Ruth 1:1–2; 2:1, 4). Ito ay tinawag na lunsod ni David (Lucas 2:4).
17. **Hebron** Sina Abraham (Gen. 13:18), Isaac, Jacob (Gen. 35:27), David (II Sam. 2:1–4), at Absalom (II Sam. 15:10) ay nanirahan dito. Ito ang unang kabisera ng Juda sa ilalim ni Haring David (II Sam. 2:11). Pinaniniwalaan na sina Abraham, Sara, Isaac, Rebeca, Jacob, at Lea ay inilibing dito sa yungib ng Macpela (Gen. 23:17–20; 49:31, 33).
18. **En-gedi** Pinagtaguan ni David si Saul at iniligtas ang buhay ni Saul (I Sam. 23:29; 24:1–22).
19. **Gerar** Ilang panahon ding nanirahan dito sina Abraham at Isaac (Gen. 20–22; 26).
20. **Beer-sheba** Humukay rito ng isang balon si Abraham at nakipagtipan kay Abimelech (Gen. 21:31). Nakita ni Isaac ang Panginoon (Gen. 26:17, 23–24), at dito nanirahan si Jacob (Gen. 35:10; 46:1).
21. **Sodoma at Gomorra** Pinili ni Lot na manirahan sa Sodoma (Gen. 13:11–12; 14:12). Winasak ng Diyos ang Sodoma at Gomorra dahil sa kasamaan (Gen. 19:24–26). Di naglaon ginamit ni Jesus ang mga lunsod na ito bilang mga sagisag ng kasamaan (Mat. 10:15).

# CANAAN NOONG PANAHON NG LUMANG TIPAN

**MAPA 10**




1. **Tiro at Sidon** Inihalintulad ni Jesus ang Corazin at Bethsaida sa Tiro at sa Sidon (Mat. 11:20–22). Pinagaling niya ang anak ng isang babaing Gentil (Mat. 15:21–28).
2. **Bundok ng Pagbabagong-anyo** Si Jesus ay nagbagong-anyo sa harapan nina Pedro, Santiago, at Juan, at tinanggap nila ang mga susi ng kaharian (Mat. 17:1–13). (Pinaniniwalaan ng ilan na ang Bundok ng Hermon ang siyang Bundok ng Pagbabagong-anyo; pinaniniwalaan ng iba na ito ang Bundok ng Tabor.)
3. **Cesarea ni Filipo** Si Pedro ay nagpatotoo na si Jesus ang siyang Cristo at pinangakuan ng mga susi ng kaharian (Mat. 16:13–20). Ipinahayag ni Jesus ang tungkol sa kanyang sariling kamatayan at Pagkabuhay na mag-uli (Mat. 16:21–28).
4. **Dako ng Galilea** Ginugol ni Jesus ang halos buong buhay niya at ministeryo sa Galilea (Mat. 4:23–25). Dito niya ibinigay ang Pangaral sa Bundok (Mat. 5–7); pinagaling ang isang ketongin (Mat. 8:1–4); at pinili, inordenan, at isinugo ang Labindalawang Apostol, sa kanilang lahat tanging si Judas Iscariote ang tila hindi taga-Galilea (Marcos 3:13–19). Sa Galilea nagpakita ang nagbangong Cristo sa mga Apostol (Mat. 28:16–20).
5. **Dagat ng Galilea, di naglaon ay tinawag na Dagat ng Tiberias** Nagturo si Jesus mula sa bangka ni Pedro (Lucas 5:1–3) at tinawag sina Pedro, Andres, Santiago, at Juan na maging mga mangingisda ng tao (Mat. 4:18–22; Lucas 5:1–11). Kanya ring pinayapa ang unos (Lucas 8:22–25), nagturo ng mga talinghaga mula sa bangka (Mat. 13), lumakad sa ibabaw ng dagat (Mat. 14:22–32), at nagpakita sa kanyang mga disipulo matapos ang kanyang Pagkabuhay na mag-uli (Juan 21).
6. **Bethsaida** Sina Pedro, Andres, at Felipe ay mga isinilang sa Bethsaida (Juan 1:44). Palihim na lumisan si Jesus kasama ang mga Apostol sa malapit sa Bethsaida. Siya ay sinundan ng maraming tao, at pinakain niya ang 5,000 (Lucas 9:10–17; Juan 6:1–14). Dito pinagaling ni Jesus ang isang bulag na lalaki (Marcos 8:22–26).
7. **Capernaum** Ito ang bayan ni Pedro (Mat. 8:5, 14). Sa Capernaum, na tinawag ni Mateo na "sariling lunsod" ni Jesus, pinagaling ni Jesus ang isang lumpo (Mat. 9:1–7; Marcos 2:1–12), ginamot ang isang alipin ng senturion, pinagaling ang ina ng asawa ni Pedro (Mat. 8:5–15), tinawag si Mateo na maging isa sa kanyang mga Apostol (Mat. 9:9), binuksan ang paningin ng mga bulag, nagpalayas ng diyablo (Mat. 9:27–33), pinagaling ang isang lalaking tuyo ang kamay sa araw ng Sabbath (Mat. 12:9–13), tinalakay ang tungkol sa tinapay ng buhay (Juan 6:22–65), at sumang-ayong magbayad ng buwis, inutusan si Pedro na kunin ang salapi mula sa bibig ng isang isda (Mat. 17:24–27).
8. **Magdala** Ito ang bayan ni Maria Magdalena (Marcos 16:9). Si Jesus ay nagtungo rito matapos pakainin ang 4,000 (Mat. 15:32–39), at humiling ang mga Fariseo at Saduceo na magpakita siya ng palatandaan mula sa langit (Mat. 16:1–4).
9. **Cana** Ang tubig ay ginawang alak ni Jesus (Juan 2:1–11) at pinagaling ang anak ng isang mahal na tao na nasa Capernaum (Juan 4:46–54). Ang Cana ay bayan din ni Natanael (Juan 21:2).
10. **Nazaret** Ang pagbati ng anghel kina Maria at Jose ay naganap sa Nazaret (Mat. 1:18–25; Lucas 1:26–38; 2:4–5). Matapos bumalik mula sa Egipto, dito ginugol ni Jesus ang kanyang kamusmusan at kabataan (Mat. 2:19–23; Lucas 2:51–52), ipinahayag na siya ang Mesiyas, at tinanggihan ng sariling kanya (Lucas 4:14–32).
11. **Jerico** Binigyan ni Jesus ng paningin ang isang bulag na lalaki (Lucas 18:35–43). Siya rin ay naghapunang kasama ni Zaqueo, na "puno ng mga maniningil ng buwis" (Lucas 19:1–10).
12. **Betabara** Nagpatotoo si Juan Bautista na siya "ang tinig ng isang nangangaral sa ilang" (Juan 1:19–28). Bininyagan ni Juan si Jesus sa Ilog Jordan at nagpatotoo na si Jesus ang Kordero ng Diyos (Juan 1:28–34).
13. **Ilang ng Judea** Nangaral si Juan Bautista sa ilang na ito (Mat. 3:1–4), kung saan nag-ayuno si Jesus ng 40 araw at tinukso (Mat. 4:1–11).
14. **Emaus** Ang nagbangong Cristo ay naglakad sa daan patungong Emaus na kasama ang dalawa sa kanyang mga disipulo (Lucas 24:13–32).
15. **Betfage** Dalawang disipulo ang nagdala kay Jesus ng isang asno at sinimulan niya ang kanyang matagumpay na pagpasok sa Jerusalem (Mat. 21:1–11).
16. **Betania** Ito ang bayan nina Maria, Marta, at Lazaro (Juan 11:1). Pinakinggan ni Maria ang mga salita ni Jesus, at sinabi ni Jesus kay Marta ang tungkol sa pagpili sa "mabuting bahagi" (Lucas 10:38–42); binuhay ni Jesus si Lazaro mula sa mga patay (Juan 11:1–44); at pinahiran ng langis ni Maria ang mga paa ni Jesus (Mat. 26:6–13; Juan 12:1–8).
17. **Betlehem** Isinilang si Jesus at inilagay sa isang sabsaban (Lucas 2:1–7); ibinalita ng mga anghel sa mga pastol ang pagsilang ni Jesus (Lucas 2:8–20); ang mga pantas na lalaki ay ginabayan ng isang bituin patungo kay Jesus (Mat. 2:1–12); at pinatay ni Herodes ang mga bata (Mat. 2:16–18).

# ANG BANAL NA LUPAIN NOONG PANAHON NG BAGONG TIPAN

MAPA 11




1. **Golgota** Pook kung saan maaaring ipinako si Jesus (Mat. 27:33–37).
2. **Libingan sa Halamanan** Inilibing si Jesus (Juan 19:38–42). Ang nagbangong Cristo ay nagpakita kay Maria Magdalena sa halamanan (Juan 20:1–17).
3. **Muog ng Antonia** Maaaring sa pook na ito pinaratangan, hinatulan, kinutya, at pinahirapan si Jesus (Juan 18:28–19:16). Si Pablo ay dinakip at muling isinalaysay ang kuwento ng kanyang pagbabalik-loob (Gawa 21:31–22:21).
4. **Lawa ng Betesda** Pinagaling ni Jesus ang isang lumpo sa araw ng Sabbath (Juan 5:2–9).
5. **Templo** Ipinangako ni Gabriel kay Zacarias na si Elisabet ay magsisilang ng anak na lalake (Lucas 1:5–25). Ang tabing ng templo ay napunit sa pagkamatay ng Tagapagligtas (Mat. 27:51).
6. **Portiko ni Solomon** Ipinahayag ni Jesus na siya ang Anak ng Diyos. Tinangka ng mga Judio na batuhin siya (Juan 10:22–39). Nangaral ng pagsisisi si Pedro matapos pagalingin ang isang pilay na lalaki (Gawa 3:11–26).
7. **Pintuang-bayan na Maganda** Pinagaling nina Pedro at Juan ang isang pilay na lalaki (Gawa 3:1–10).
8. **Taluktok ng Templo** Si Jesus ay tinukso ni Satanas (Mat. 4:5–7). (May dalawang kinaugaliang lugar para sa pangyayaring ito.)
9. **Banal na Bundok** (mga di matukoy na lugar)
   - *a.* Pinaniniwalaan na dito nagtayo si Abraham ng dambana para sa paghahain kay Isaac (Gen. 22:9–14).
   - *b.* Itinayo ni Solomon ang templo (I Hari 6:1–10; II Cron. 3:1).
   - *c.* Winasak ng mga taga-Babilonia ang templo mga 587 B.C. (II Hari 25:8–9).
   - *d.* Muling itinayo ni Zorobabel ang templo mga 515 B.C. (Ezra 3:8–10; 5:2; 6:14–16).
   - *e.* Nilawakan ni Herodes ang liwasan ng templo at itinayong muli ang templo simula noong 17 B.C. Iniharap si Jesus nang sanggol pa lamang (Lucas 2:22–39).
   - *f.* Sa gulang na 12, nagturo si Jesus sa templo (Lucas 2:41–50).
   - *g.* Nilinis ni Jesus ang templo (Mat. 21:12–16; Juan 2:13–17).
   - *h.* Nagturo si Jesus sa templo sa iba't ibang pagkakataon (Mat. 21:23–23:39; Juan 7:14–8:59).
   - *i.* Winasak ng mga Romano ang templo noong A.D. 70 sa ilalim ni Tito.
10. **Halamanan ng Getsemani** Si Jesus ay nagdusa, ipinagkanulo, at dinakip (Mat. 26:36–46; Lucas 22:39–54).
11. **Bundok ng mga Olibo**
    - *a.* Ipinahayag ni Jesus ang pagkawasak ng Jerusalem at ng templo. Binanggit din niya ang tungkol sa Ikalawang Pagparito (Mat. 24:3–25:46; tingnan din sa JS—M).
    - *b.* Mula rito umakyat si Jesus sa langit (Gawa 1:9–12).
    - *c.* Noong ika-24 ng Oktubre 1841, inilaan ni Elder Orson Hyde ang Banal na Lupain para sa pagbabalik ng mga anak ni Abraham.
12. **Bukal ng Gihon** Pinahiran ng langis si Solomon bilang hari (I Hari 1:38–39). Nagpahukay si Ezechias ng isang tunel upang dumaloy ang tubig mula sa bukal patungong lunsod (II Cron. 32:30).
13. **Pintuang-bayan ng mga Tubig** Binasa at binigyang-kahulugan ni Ezra ang kautusan ni Moises sa mga tao (Neh. 8:1–8).
14. **Lambak ng Hinnom** Ang diyus-diyusang si Moloch ay sinamba, kabilang ang paghahain ng bata (II Hari 23:10; II Cron. 28:3).
15. **Bahay ni Caifas** Dinala si Jesus sa harapan ni Caifas (Mat. 26:57–68). Ipinagkaila ni Pedro na kilala niya si Jesus (Mat. 26:69–75).
16. **Silid sa Itaas** Ang kinaugaliang lugar kung saan kumain si Jesus ng hapunan ng Paskua at pinasimulan ang sakramento (Mat. 26:20–30). Hinugasan niya ang mga paa ng Labindalawa (Juan 13:4–17) at tinuruan sila (Juan 13:18–17:26).
17. **Palasyo ni Herodes** Maaaring sa lugar na ito, dinala si Cristo sa harapan ni Herodes (Lucas 23:7–11).
18. **Jerusalem** (mga di matukoy na lugar)
    - *a.* Namahala si Melquisedec bilang hari ng Salem (Gen. 14:18).
    - *b.* Nasakop ni Haring David ang lunsod mula sa mga Jebuseo (II Sam. 5:7; I Cron. 11:4–7).
    - *c.* Nawasak ang lunsod ng mga taga-Babilonia mga 587 B.C. (II Hari 25:1–11).
    - *d.* Napasa-marami ang Espiritu Santo sa araw ng Pentecostes (Gawa 2:1–4).
    - *e.* Sina Pedro at Juan ay dinakip at dinala sa harapan ng kalipian (Gawa 4:1–23).
    - *f.* Nagsinungaling sa Panginoon sina Ananias at Safira at nangamatay (Gawa 5:1–10).
    - *g.* Sina Pedro at Juan ay dinakip, subalit isang anghel ang nagpalaya sa kanila mula sa bilangguan (Gawa 5:17–20).
    - *h.* Pumili ang mga Apostol ng pitong kalalakihang makakatulong nila (Gawa 6:1–6).
    - *i.* Ang patotoo ni Esteban ay tinanggihan ng mga Judio, at pinagbabato siya hanggang sa mamatay (Gawa 6:8–7:60).
    - *j.* Si Santiago ay pinatay na martir (Gawa 12:1–2).
    - *k.* Pinalaya si Pedro ng isang anghel mula sa bilangguan (Gawa 12:5–11).
    - *l.* Nagpasiya ang mga Apostol tungkol sa usapin ng pagtutuli (Gawa 15:5–29).
    - *m.* Winasak ng mga Romano sa ilalim ni Tito ang lunsod noong A.D. 70.


A
B
C
D
1
2
3
4
5
6
7
8
H
SUSI SA MAPA 12
Lunsod noong kapanahunan ni Jesus
Mga dako na pagkaraan ay pinaderan
Daan patungong Samaria
Bezeta (Bagong Lunsod)
Golgota
1
2
Libingan sa Halamanan
Pintuang-bayan ng mga Isda
Muog ng Antonia
3
Lawa ng Betesda
4
Lawa ng Israel
Pintuang-bayan ng mga Tupa
Pintuang-bayan ng Susa
6
TEMPLO
5
7
9
Portiko ni Solomon
Pintuang-bayan na Maganda
Maharlikang Portiko
8
Tulay
Lawa ng Tore
Palasyo ng Hasmonea
Palasyo ni Herodes
17
Daan patungong Emaus at Joppe
18
Daluyan ng Tubig
Itaas na Lunsod
Daluyan ng Tubig
Ibabang Lunsod
Lawa ng Ahas
Bahay ni Caifas
15
Silid sa Itaas
16
Lawa ng Siloe
13
Pintuang-bayan ng mga Tubig
Lambak ng Hinnom
14
Daan patungong Betlehem at Hebron
Bukal ng En-rogel
Daan patungong Patay na Dagat
Taluktok ng Templo
Mga Baitang patungong Templo
Bukal ng Gihon
12
Tunel ni Ezechias
Lambak ng Cidron
10
Halamanan ng Getsemani
11
Bundok ng mga Olibo
Daan patungong Betania at Jerico
Meters
0
100
200
300
400

# ANG MGA PAGLALAKBAY NI APOSTOL PABLO BILANG MISYONERO

**MAPA 13**




1. **Gaza** Nangaral si Felipe ng tungkol kay Cristo at bininyagan ang isang bating na taga-Etiopia sa kanyang pagpunta sa Gaza (Gawa 8:26–39).
2. **Jerusalem** Tingnan ang mapa 12 para sa mga pangyayari sa Jerusalem.
3. **Joppe** Nakatanggap si Pedro ng isang pangitain na ibinibigay ng Diyos ang kaloob na pagsisisi sa mga Gentil (Gawa 10; 11:5–18). Ibinangon ni Pedro si Tabita mula sa mga patay (Gawa 9:36–42).
4. **Samaria** Nagministeryo si Felipe sa Samaria (Gawa 8:5–13), at di naglaon sina Pedro at Juan ay nagturo rito (Gawa 8:14–25). Matapos nilang igawad ang kaloob na Espiritu Santo, si Simon ang manggagaway ay naghangad na bilhin ang kaloob na ito mula sa kanila (Gawa 8:9–24).
5. **Cesarea** Dito, matapos magministeryo ng isang anghel sa isang senturion na nagngangalang Cornelio, siya ay pinahintulutan ni Pedro na mabinyagan (Gawa 10). Dito isinagawa ni Pablo ang kanyang pagtatanggol sa harapan ni Agripa (Gawa 25–26; tingnan din sa JS—K 1:24–25).
6. **Damasco** Nagpakita si Jesus kay Saul (Gawa 9:1–7). Matapos ibalik ni Ananias ang paningin ni Saul, si Saul ay bininyagan at nagsimula sa kanyang ministeryo (Gawa 9:10–27).
7. **Antioquia (sa Siria)** Dito ang mga disipulo ay unang tinawag na mga Cristiano (Gawa 11:26). Si Agabo ay nagpropesiya ng isang taggutom (Gawa 11:27–28). Nagkaroon ng malaking pagtatalo sa Antioquia hinggil sa pagtutuli (Gawa 14:26–28; 15:1–9). Sa Antioquia nagsimula si Pablo sa kanyang pangalawang misyon kasama sina Silas, Bernabe, at Judas Barsabas (Gawa 15:22, 30, 35).
8. **Tarso** Ang bayang-sinilangan ni Pablo; si Pablo ay isinugo rito ng mga Kapatid upang iligtas ang kanyang buhay (Gawa 9:29–30).
9. **Chipre** Matapos na pag-usigin, sa pulong ito lumikas ang ilan sa mga Banal (Gawa 11:19). Dumaan si Pablo sa Chipre sa kanyang unang paglalakbay bilang misyonero (Gawa 13:4–5), di nagtagal gayon din sina Bernabe at Marcos (Gawa 15:39).
10. **Pafos** Dito isinumpa ni Pablo ang isang manggagaway (Gawa 13:6–11).
11. **Derbe** Nangaral ng ebanghelyo sina Pablo at Bernabe sa lunsod na ito (Gawa 14:6–7, 20–21).
12. **Listra** Nang pagalingin ni Pablo ang isang lumpo, siya at si Bernabe ay itinuring na mga diyos. Si Pablo ay pinagbabato at inakalang patay na ngunit muling nagkamalay at nagpatuloy sa pangangaral (Gawa 14:6–21). Bayan ni Timoteo (Gawa 16:1–3).
13. **Iconio** Sa kanilang unang misyon, sina Pablo at Bernabe ay nangaral dito at binalaang pagbabatuhin (Gawa 13:51–14:7).
14. **Laodicea at Colosas** Ang Laodicea ay isa sa mga sangay ng Simbahan na dinalaw ni Pablo at dito siya tumanggap ng mga sulat (Col. 4:16). Isa rin ito sa pitong lunsod na natatala sa aklat ng Apocalipsis (ang iba pa ay Efeso, Smirna, Pergamo, Tiatira, Sardis at Filadelfia; tingnan sa Apoc. 1:11). Ang Colosas ay mga 18 kilometro sa gawing silangan ng Laodicea. Sumulat si Pablo sa mga Banal na naninirahan dito.
15. **Antioquia (sa Pisidia)** Sa kanilang unang misyon, itinuro nina Pablo at Bernabe sa mga Judio na nagmula si Cristo sa lahi ni David. Inialay ni Pablo ang ebanghelyo sa Israel, pagkaraan ay sa mga Gentil. Sina Pablo at Bernabe ay pinag-usig at pinalayas (Gawa 13:14–50).
16. **Mileto** Habang narito sa kanyang pangatlong misyon, binalaan ni Pablo ang mga elder ng Simbahan na "mga ganid na lobo" ang magsisipasok sa kawan (Gawa 20:29–31).
17. **Patmos** Si Juan ay isang bilanggo sa pulong ito nang matanggap niya ang mga pangitain na ngayon ay napapaloob sa aklat ng Apocalipsis (Apoc. 1:9).
18. **Efeso** Si Apolos ay nangaral dito nang may kapangyarihan (Gawa 18:24–28). Si Pablo, sa kanyang pangatlong misyon, ay nagturo sa Efeso sa loob ng dalawang taon at nagpabagong-loob ng maraming tao (Gawa 19:10, 18). Dito niya iginawad ang kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay (Gawa 19:1–7) at gumawa ng maraming himala, kabilang na ang pagpapalayas ng masasamang espiritu (Gawa 19:8–21). Dito ang mga sumasamba kay Diana ay lumikha ng malaking kaguluhan laban kay Pablo (Gawa 19:22–41). Bahagi ng aklat ng Apocalipsis ay patungkol sa Simbahan sa Efeso (Apoc. 1:11).
19. **Troas** Habang narito si Pablo sa kanyang pangalawang paglalakbay bilang misyonero, siya ay nakakita ng isang pangitain hinggil sa isang lalaki na nasa Macedonia na humihingi ng tulong (Gawa 16:9–12). Habang narito sa kanyang pangatlong misyon, ibinangon ni Pablo si Eutico mula sa mga patay (Gawa 20:6–12).
20. **Filipos** Napagbagong-loob nina Pablo, Silas, at Timoteo ang isang babaing nagngangalang Lidia, nagpalayas ng masasamang espiritu, at sila'y pinagpapalo (Gawa 16:11–23). Nakatanggap sila ng banal na tulong upang makatakas sa bilangguan (Gawa 16:23–26).
21. **Atenas** Si Pablo, habang nasa kanyang pangalawang misyon sa Atenas, ay nangaral sa Burol ni Marte (Areopago) tungkol sa "diyos na hindi kilala" (Gawa 17:22–34).
22. **Corinto** Nagtungo si Pablo sa Corinto sa kanyang pangalawang misyon, kung saan nakipanuluyan siya kina Aquila at Priscila. Nangaral siya rito at nagbinyag ng maraming tao (Gawa 18:1–18). Mula sa Corinto, sumulat ng isang liham si Pablo sa mga taga-Roma.
23. **Tesalonica** Dito nangaral si Pablo samantalang nasa kanyang pangalawang paglalakbay bilang misyonero. Ang pangkat niya ng mga misyonero ay lumisan patungong Berea matapos maging banta ang mga Judio sa kanilang kaligtasan (Gawa 17:1–10).
24. **Berea** Sina Pablo, Silas, at Timoteo ay nakatagpo ng marangal na kaluluwang matuturuan samantalang si Pablo ay nasa pangalawang paglalakbay bilang misyonero. Ang mga Judio na taga-Tesalonica ay sinundan at pinag-usig sila (Gawa 17:10–13).
25. **Macedonia** Nagturo rito si Pablo sa kanyang pangalawa at pangatlong paglalakbay (Gawa 16:9–40; 19:21). Pinuri ni Pablo ang kagandahang-loob ng mga Banal na taga-Macedonia, na nagbigay ng ambag sa kanya at sa mga maralitang Banal na nasa Jerusalem (Rom. 15:26; II Cor. 8:1–5; 11:9).
26. **Melita** Nawasak ang barko ni Pablo sa pulong ito nang paparoon siya sa Roma (Gawa 26:32; 27:1, 41–44). Hindi siya nasaktan ng tuklaw ng ahas at pinagaling ang marami na mga may sakit sa Melita (Gawa 28:1–9).
27. **Roma** Nangaral dito si Pablo sa loob ng dalawang taon habang nakabilanggo sa sariling bahay (Gawa 28:16–31). Siya rin ay gumawa ng mga liham o sulat, sa mga taga-Efeso, taga-Filipos, at taga-Colosas at kina Timoteo at Filemon samantalang nakabilanggo sa Roma. Isinulat ni Pedro ang kanyang unang liham mula sa "Babilonia," na marahil ay sa Roma, makaraan ang mga pag-uusig ni Nero sa mga Cristiano noong A.D. 64. Kalahatang pinaniniwalaan na sina Pedro at Pablo ay dito pinatay na mga martir.


# ANG TAAS AT LALIM NG BANAL NA LUPAIN SA KAPANTAYAN NG DAGAT NOONG PANAHON NG BIBLIA

**MAPA 14**

## Pagkakaayos* mula Timog hanggang Hilaga




## Pagkakaayos* mula Silangan hanggang Kanluran




*Ang larawan sa topograpiya ay pinalaki upang maipakita nang mas malinaw ang mga pagkakaiba ng sukat ng taas at lalim mula sa kapantayan ng dagat.



**1. Ilog Nilo at Egipto** Sa isang dakong tulad nito, itinago ng ina ni Moises ang kanyang sanggol na anak. Natagpuan siya ng anak na babae ni Faraon at inaruga siya sa mga maharlikang bulwagan ng Egipto.



**2. Bundok ng Sinai (Horeb) at ang Ilang ng Sinai** Ayon sa utos, dinala ni Moises ang mga Israelita sa bundok na ito upang tanggapin ang kautusan ng Diyos. Ipinakikita ng larawang ito ang isang kinaugaliang pook ng Bundok ng Sinai.



**3. Ilang ng Judea at ang Patay na Dagat** Nagtungo ang Tagapagligtas sa ilang upang manalangin nang taimtim sa kanyang Ama.



**4. Cades-barnea** Ang dakong ito, kilala bilang Cades-barnea, ang lugar marahil kung saan nagkampo ang mga Israelita sa halos 40 taon nila sa ilang.




**5. Libingan ng mga Patriyarka** Sinasabing ang gusaling ito sa Hebron ay itinayo sa pook na pinaglibingan kina Abraham, Isaac, at Jacob.



**6. Burol na Bayan ng Judea** Ang baku-bakong tanawing tulad nito ay bumabalot sa maraming bahagi ng Banal na Lupain sa timog at silangan ng Jerusalem.



**7. Betlehem** Sa lunsod na ito isinilang ang Panginoong Jesucristo.



**8. Jerusalem** Ang lunsod na ito ay itinuturing na banal ng tatlong relihiyon—Cristianismo, Judaismo, at Islam.



**9. Templo ni Herodes** Itinuturing ang modelong ito bilang wastung-wastong eskalang kopya ng sinaunang templo.



**10. Mga Baitang Patungong Templo** Paakyat sa Templo ni Herodes, ang mga baitang na ito ay natuklasan ng mga archeologista.



**11. Bundok ng mga Olibo, Liwasang Orson Hyde** Malapit sa lugar na ito noong 1841, inilaan ni Elder Orson Hyde ang Banal na Lupain para sa pagbabalik ng mga anak ni Abraham.



**12. Halamanan ng Getsemani** Maaaring ang mga napakatatandang puno ng mga olibo ay mula pa sa mga yaong nasa halamanan kung saan nanalangin ang Tagapagligtas at pinagpawisan ng butil-butil na dugo sa pagsisimula ng kanyang Pagbabayad-sala.



**13. Golgota** Isang tanyag na kaugalian ang pinaniniwalaan na ang Panginoong Jesucristo ay ipinako malapit dito.



**14. Libingan sa Halamanan** Ilan sa mga makabagong propeta ang nagpahayag ng kanilang mga damdamin na ito ang lugar kung saan inilagay ang katawan ng Tagapagligtas sa libingan ni Jose ng Arimatea matapos ang Pagpapako sa Krus.



**15. Jerico** Ito ang unang lunsod na nasakop ni Josue (tingnan sa Jos. 6:2–20); ang Jerico ay isa sa pinakamatandang lunsod sa mundo.



**16. Silo** Ang tabernakulo na naglalaman ng kaban ng tipan ay itinayo sa pook na ito at nanatili rito nang maraming siglo.



**17. Bundok ng Gerizim at Bundok ng Ebal** Tinutunghayan ng dalawang bundok na ito ang sinaunang lunsod ng Sichem, kung saan nakalibing ang mga buto ni Jose (tingnan sa Jos. 24:32).



**18. Dotan sa Samaria** Sa mayamang lambak na ito nagtungo ang mga kapatid ni Jose upang magpastol ng kawan nang ipagbili nila ang kanilang kapatid sa mga Midianita at Ismaelitang mangangalakal.



**19. Cesarea at ang Kapatagan ng Saron hanggang sa Carmelo** Nangaral si Pablo kay Haring Agripa sa lunsod na ito (tingnan sa Gawa 26).



**20. Joppe** Dito natanggap ni Pedro ang pangitain na nag-aatas sa kanyang dalhin ang ebanghelyo sa mga Gentil (tingnan sa Gawa 10).



**21. Lambak ng Jezreel** Ang lahat ng bansa ay magtitipun-tipon dito sa digmaan ng Armagedon (tingnan sa Zac. 11–14; Apoc. 16:14–21).



**22. Bundok ng Tabor** Sa tuktok ng tanyag na palatandaang ito ay isang kinaugaliang pook ng Pagbabagong-anyo ni Cristo sa harapan ng kanyang mga Apostol na sina Pedro, Santiago, at Juan (tingnan sa Mat. 17:1–9).



**23. Dagat ng Galilea at ang Bundok ng mga Lubos na Pagpapala** Ang dalisdis ng burol na ito ang kinaugaliang pook ng Pangangaral sa Bundok ng Tagapagligtas (tingnan sa Mat. 5–7).



**24. Capernaum** Iilan lamang ang mga guhong natitira upang makilala ang kinaroroonan ng lunsod na ito kung saan ginawa ng Tagapagligtas ang marami sa kanyang mga himala.



**25. Ilog Jordan** Kuha ang larawang ito malapit sa labasan ng ilog mula sa Dagat ng Galilea.



**26. Cesarea ni Filipo** Ipinangako ni Jesucristo kay Pedro ang mga susi ng kaharian sa lugar na marahil ay malapit dito (tingnan sa Mat. 16:19).



**27. Nazaret** Sa bayang ito lumaki sa kahustuhang gulang si Jesus.



**28. Dan** Ang lunsod sa Lumang Tipan na dati'y matatagpuan dito ang siyang palatandaan ng kahila-hilagaang hangganan ng Israel.



**29. Atenas** Ang Partenon, na kuha rito, ay malapit sa Burol ni Marte, kung saan ipinangaral ni Pablo ang kanyang sermon tungkol sa "diyos na hindi kilala" (tingnan sa Gawa 17:15–34).



**30. Corinto** Isinulat ni Pablo ang kanyang liham sa mga taga-Roma mula sa lunsod na ito.



**31. Efeso** Dito nangaral si Pablo laban sa pagsamba sa mga diyus-diyusan at nagalit ang mga panday-pilak na ang kanilang ikinabubuhay ay paglalako ng mga imahen ng diyus-diyusang si Diana (tingnan sa Gawa 19:24–41).



**32. Pulo ng Patmos** Lahat nitong lupain ay bahagi ng pulo ng Mediterania kung saan naglaho si Juan ang Tagapaghayag (tingnan sa Apoc. 1:9).



**31. Efeso** Dito nangaral si Pablo laban sa pagsamba sa mga diyus-diyusan at nagalit ang mga panday-pilak na ang kanilang ikinabubuhay ay paglalako ng mga imahen ng diyus-diyusang si Diana (tingnan sa Gawa 19:24–41).



**32. Pulo ng Patmos** Lahat nitong lupain ay bahagi ng pulo ng Mediterania kung saan naglaho si Juan ang Tagapaghayag (tingnan sa Apoc. 1:9).

TAGALOG
4 02344 04893 7
34404 893



**31. Efeso** Dito nangaral si Pablo laban sa pagsamba sa mga diyus-diyusan at nagalit ang mga panday-pilak na ang kanilang ikinabubuhay ay paglalako ng mga imahen ng diyus-diyusang si Diana (tingnan sa Gawa 19:24–41).



**32. Pulo ng Patmos** Lahat nitong lupain ay bahagi ng pulo ng Mediterania kung saan naglaho si Juan ang Tagapaghayag (tingnan sa Apoc. 1:9).

TAGALOG
4 02347 44893 2
34744 893